HE'S INTO HER

SEASON THREE

MAXINE JIJI

HE'S INTO HER Season 3 | COMPLETED |

maxinejiji

Published: 2021
Source: https://www.wattpad.com

OceanofPDF.com

He's into Her Season 3

Hello, JIJIES!

You can now watch **HE'S INTO HER SERIES WORLDWIDE** for **FREE** on **iWANTTFC app**, starring **Belle Mariano** as Maxpein del Valle and **Donny Pangilinan** as Deib Lohr Enrile.

You may follow me on the following social media platforms:

Website: **www.maxinejiji.com**

Facebook: **www.facebook.com/maxinejijistories**

Facebook: **www.facebook.com/hesintoher**

Twitter: **www.twitter.com/maxinejiji**

Instagram: **www.instagram.com/maxinejiji**

Lyka: **maxinejiji**

Tiktok: **maxinelat**

Youtube: **www.youtube.com/maxinejiji**

You may also read my other stories for free here: **www.wattpad.com/maxinelat**

Thank you and stay safe!

- MAXINEJIJI <3

DISCLAIMER : This is a work of fiction. Names, characters, businesses, places, events and incidents are either the products of the author's imagination or used in a fictitious manner. Any resemblance to actual persons, living or dead, or actual events is purely coincidental.

© HESINTOHER.All Rights Reserved. Maxinejiji. 2013.

OceanofPDF.com

CHAPTER 171

CHAPTER 171

DEIB'S POV

MAHIGIT isang buwan na ang lumipas mula nang makauwi kami galing sa Palawan. Nakabalik kami sa Laguna nang ligtas ngunit puno kaming lahat ng kaba, tanong at agam-agam. Masiyado kaming alisto, alerto sa pag-iingat kahit sa anong bagay.

Sakay ng private jet ay naunang umuwi ang mga Moon, maliban kina Taguro at Heurt. Gaya nang sinabi ni Heurt ay hindi nila kami iniwanan at pinabayaan. Nanatili sila ni Taguro sa tabi namin upang pare-pareho kaming bantayan. Sumabay sa mga Moon si Chairman Enrile, at sa pagitan ng ilang oras ay bumalik ang private jet upang sunduin naman kaming mga naiwan. Hindi na nagawang maligo ng karamihan nang oras na iyon. Lahat ay napuno na ng takot at hindi na malaman kung ano ang gagawin. Pare-pareho ring tulala.

Lahat kami ay dumeretso sa mansyon ng mga Moon pagkabalik ng Laguna. Doon ay nagpaumanhin si More sa hindi inaasahang sitwasyon. Body guards din nila ang naghatid sa 'min sa kani-kaniyang bahay.

Walang makapagpaliwanag kung ano ang dahilan nang mga nangyari. Hindi namin nabuo ang isang linggong pananatili ro'n gaya ng usapan. Hindi kasi gano'n ang inaasahan namin.

Takot na takot si *Noona* nang oras na iyon. Matapos kasi niyang umiyak nang dahil sa saya no'ng ikasal siya, ay umiyak siya nang dahil sa takot na naramdaman dahil sa kaguluhan. Hindi niya binitiwan ang anak at panay rin ang hagulgol nang araw na iyon.

Nang mga sumunod na araw naman, sa pananatili namin sa sariling bahay ay pare-pareho kaming praning. May mga pagkakataon kasing may dumaraang helicopter sa ibabaw ng bahay namin. Parang nanunumbalik sa 'ming pare-pareho 'yong pakiramdam nang sandaling 'yon sa Palawan. May sandali ring kaunting kalabog lang ay nagtatakbuhan na sina Manang, Mommy at *Noona* pababa, umaasa sa magagawa namin nina daddy at Randall.

Hanggang ngayon ay sariwa pa sa isip ko ang mga naganap. Hindi na nga yata maalis 'yon sa alaala ko kahit kailan. Ang mga tanong ay hindi pa rin nasasagot hanggang ngayon. Ang agam-agam ay nanunumbalik sa t'wing maaalala namin ang nakaka-trauma na pangyayari. At ang pangamba ko sa kakaibang pakiramdam sa aking dibdib ay dagdag na alalahanin para sa 'kin.

Napakaaga kong nagising nang dumating ang araw ng Lunes. Matapos kong maligo ay bumaba agad ako, ang lahat ay nadatnan ko sa kusina. Dito rin sa bahay naglalagi si Randall. Dahil parang boss na inutusan ito ni Taguro na bantayan ang buong pamilya namin.

Sinilip ko ang cell phone ko bago ako maupo sa harap ng mesa. At gaya ng inaasahan ko ay wala man lang text si Taguro. Naglapat ang mga labi ko at kung ano-ano na namang isinumbat ko sa kaniya sa aking isip.

Tsk. Mahal niya pa ba ako? Nagngitngit ang kalooban ko. Nakasimangot tuloy akong naupo sa harap ng pamilya ko. **"Good morning, everyone,"** pilit ang ngiting bati ko. **"What's for breakfast?"** tiningnan ko isa-isa ang nakahain.

"Bacon for my baby," pilit na pinasasaya ni mommy ang sarili.

Siguro ay ayaw niyang makita naming malungkot siya o may iniisip. Nag-aalala kasi kami kapag gano'n. Kapansin-pansin kasing naging matamlay siya nitong mga nakaraan. At nasisiguro kong ang nangyari pa rin sa Palawan ang dahilan niyon.

Hindi na rin nila magawang pumunta sa mga medical missions. Bukod kasi sa hindi sila pinapayagan ng Chairman ay natatakot pa rin silang pumunta sa malalayong lugar.

"Kumusta si Maxi, baby?" mayamaya ay tanong niya.

Napanguso naman agad ako. **"Apat na linggo ko na siyang hindi nakikita, mommy. No'ng Biyernes lang kami uli nagka-text. Simula kahapon ng alas-nuebe ay hindi na uli siya nag-text,"** masama ang loob na tugon ko 'tsaka napabuntong-hininga.

Tandang-tanda ko ang mga detalye at oras kaya hindi ako pwedeng sumbatan ni Taguro.

"Sa tingin ko ay kailangan ko nang ipatingin ang puso ko, mommy. Hindi na normal ang tibok nito," biro ko. Pero nang maisip ko ang tunay na lagay ng puso ko ay hindi ko naiwasan na kabahan.

Hindi na uli iyon naulit. Ang una't huling beses na naramdaman ko uli iyon ay iyong sandaling nasa Palawan kami. Hindi na naulit mula nang

makabalik kami rito, at hindi ko na hihilingin na maulit pa. Napakasakit no'n sa dibdib, pinahihirapan akong huminga. Hindi ako makagalaw at pakiramdam ko kapag kumilos ako ay basta na lang akong babagsak at hindi na magigising pa.

Totoong apat na linggo ko nang hindi nakikita si Taguro, busy siya sa pagre-review. Ang dahilan niya ay mahigit kalahating taon siyang naglagi sa Korea nang walang binabasa maliban sa mga pocketbooks na binibili niya sa tiyangge at bangketa. Kulang daw sa kaniya ang isang linggong pagre-review para sa napakaraming subjects na ilalaman ng acceleration exam na kukunin niya.

Habang abala siya sa pagre-review ay palihim naman akong nakikipagkita kay Mokz na hindi nagdalawang-isip na turuan ako ng basic martial arts. Alam ng pamilya ko ang tungkol dito, pero lingid sa kaalaman ng pinakamamahal kong si Taguro. Ang nag-iisang babae na mahal ko bilang girlfriend at minamahal pa nang todo.

"Bakit hindi mo tawagan?" mayamaya ay tanong ni *Noona*.

"Naiintindihan kong busy siya sa pagre-review niya," taas-noo kong sagot. **"May accelaration exam siya para fourth year na rin siya sa pasukan."**

"That's a good idea, at least hindi siya mapag-iiwanan ng mga friends niya."

"I agree," sabat ni Randall. **"Matalino si Pein. Kung tutuusin nga ay pwede na siyang mag-college."**

Nagliwanag bigla ang mukha ko. May kung anong pag-asang tumubo sa dibdib. **"Sa tingin mo ay pwede ko kayang i-suggest sa kaniya 'yan, bro?"** tanong ko na inginudngod pa ang mukha papalapit sa kaniya.

Natawa si Randall kaya lumayo ako. **"Hindi papayag 'yon. Gusto niyang magkaro'n ng high school diploma sabi ni Maxwell. Bakit, gusto mo na ba siyang makasama?"** ngumisi siya. Ngumuso naman ako. **"Hayaan mo na lang munang magkalayo kayo. Ayaw mo no'n, mas mami-miss ninyo ang isa't isa."**

"Tch! Ayaw ko ng gano'n! Miss na miss ko na nga siya ngayon, eh. At isa pa ay natatakot ako dahil baka may manligaw sa kaniyang iba! Tsk. Hindi pa naman ako maya't mayang nando'n para bantayan siya."

"Hayaan mo siya, Deib. Masyado na siyang malaki para magdesisyon. Kailangan ng ehersisyo niyang tiwala mo."

"May tiwala ako sa kanya, pero hindi sa mga bagong tao na makikilala niya," nakangusong tugon ko.

"'Buti nakakatiis ka nang hindi siya nakikita?"

"Tch. Kung alam mo lang. Gusto ko na talagang pumunta sa ospital at ipatingin ang buong katawan ko. Pakiramdam ko ay nagkapalit na ng pwesto ang puso at tiyan ko. Ang tiyan ko ay walang ganang kumain dahil parang wala na siyang pakialam sa 'kin, dugo na ang inilalabas nito!" maaksyong sabi ko na itinuro pa ang tiyan ko. **"At nagugutom ang puso ko sa pagmamahal ni Taguro,"** dagdag ko. **"Para akong nasa kulungan at hindi man lang niya ako dinadalaw! Kailangan kita, Taguro! Maawa ka sa puso ko!"** kunyaring ngumanga pa na sabi ko.

Natitigilan silang tumitig sa 'kin na para bang gano'n kawirdo ang sinabi ko. Napanguso naman ako at nag-iwas ng tingin. *Paano mo nagagawang makapagtiis nang hindi ako nakikita, Taguro? Masamang babae!*

"Bakit hindi mo siya puntahan sa bahay?" tanong ni *Noona*. **"Kahit dalawin mo lang."**

"Ayaw niya," nakangusong sagot ko. **"Masasayang lang daw ang isang araw na hindi siya makakapag-aral. Sa Thursday na ang exam niya."**

"Ah, talaga? Malapit na pala. Kaunting tiis na lang, *dongsaeng*."

"Tch, ano pa nga ba?" mapait na tugon ko.

"Mukha namang abala ka rin sa pag-aaral," nakangiting sabat ni Manang.

Ngumiti ako at tumango. **"Sinimulan kong basahin 'yong mga college books ko. 'Yon ang itinuro ni Taguro para hindi raw ako masiyadong mahirapan 'pag nagsimula ang klase,"** ngumiti pa ako. Pakiramdam ko ay maipagmamayabang ko ang magandang impluwensiya sa 'kin ni Taguro. Nagliwanag sa tuwa ang mga mukha nila, may bahid ng paghanga. Kaya lalong yumabang ang pakiramdam ko.

"Napakaswerte mo sa nobya mo, hijo, napakasipag at matalino."

"Tch! Siya ang maswerte sa 'kin, Manang! Dahil may boyfriend siyang gwapo at masunurin." Ngumuso na naman ako at ginawang letrang "T" ang dalawang piraso ng bacon ko sa plato.**"Tiniis kong 'wag makipagkita at mangulit dahil nakiusap siya ng oras para makapag-aral. Maski mga kaibigan niya'y hindi siya maabala. Hindi ko na halos magamit ang cell phone ko. Alam kong hindi naman siya tatawag. Kapag nami-miss ko siya ay parati na nga lang 'yong teddy bear na**

malaki ang kayakap ko. Hindi niya alam kung gaano kahirap para sa 'kin na hindi siya makita."Sumipa-sipa pa ako sa ilalim ng mesa na parang nagwawalang bata.

"Kaya ang payat-payat mo na, Deib Lohr," sabi ni daddy sa gitna ng pagta-tantrums ko, ngumuso ako. **"Hindi ka kumakain nang ayos dahil hindi kayo nagkikita,"** dagdag niya. Lalong nanulis ang nguso ko. **"Para sa inyo rin naman ang ginagawa niya."**

Alam kong isa 'yong sermon. Sinabi lang ni daddy sa malumanay na paraan. Kaya naman hindi na ako kumibo dahil iisipin niya na nagdadahilan lang ako.

Mas humaba pa ang pagkukwentuhan namin. Lalo na nang ibida ni *Noona* ang mga "achievements" umano ni RD. Naisip kong ayos na rin ang ganitong bonding namin ng pamilya ko. Dahil sa t'wing mag-isa ako ay natutukso akong kulitin si Taguro. Napakahirap niyang tiisin.

Matapos mag-agahan ay nagprisinta akong linisin ang lahat ng sasakyan namin. Doon ko ibinuhos ang bakanteng oras. Magtatanghalian na nang matapos ako. Bago ako makapasok sa bahay ay nag-ring ang cell phone ko.

Napanganga ako. *Ang puso ko!* Gusto kong batuhin ang bubong ng kapit-bahay, dahil sa tuwa, nang mag-blink ang pangalan ni Taguro sa screen ng cell phone. *Sa tingin ko ay kailangan kong lagyan ng puso ang pangalan niya! Hahaha!*

Tumikhim pa muna ako bago sinagot ang tawag. **"O, hello?"** Nagpanggap akong galit.

"Hi."

Tch! Hi? Bago 'yan, ah! **"O? Ano ang kailangan mo?"** walang interes na tanong ko.

"Ikaw."

Nanlaki agad ang mga mata ko. *Talaga? Bwahahaha! Grabe! May gusto talaga siya sa 'kin! Tch! Pero, hindi! Hindi ako pwedeng magpadala sa mga paganiyan-ganiyan niya! Apat na linggo siyang hindi nagparamdam sa 'kin at hindi niya alam kung gaano 'yon kasakit!*

Gustong-gusto ko siyang makita. Pero ayaw kong maisip niyang hindi ko siya naiintindihan, na hindi ko iniisip ang kinabukasan niya. Gusto ko siyang tawagan at i-text pero ayaw kong maging abala. Masakit isipin na magiging abala ako sa kaniya.

Napakahirap. Pero napakadali lang para sa kaniya at doon ako lalong nasasaktan.

"Woi."

"Ano?" pasinghal kong tugon.

"Natulala ka na naman?"

"Anong natulala!"

"Kinikilig ka?"

"Asa, Taguro! Asa!"

"Nasaan ka?"

"Bakit?"

"Nasaan ka?" pag-uulit niya sa nauubusan ng pasensyang tono.

"Nasa bahay. Katatapos ko lang maglinis ng mga sasakyan. Gano'n ako kasipag."

"Maghanda ka, aalis tayo."

Napamaang ako. **"Saan naman tayo pupunta?"**

"Magde-date."

"Date?"

"Date." Nilinaw niya 'yon. **"Nami-miss kita, e,"** huminahon ang boses niya, naglalambing. Napangiwi ako sa tuwa at iginiling-giling ang ulo ko. **"Woi!"**

"Ano!"

"Nakikinig ka ba sa 'kin?"

"Oo!"

"Tss," bumalik na naman siya sa nauubusan ng pasensiyang tono. Mahihimigan 'yon sa lalim at bigat nang pagbuntong-hininga niya. **"Sige na, magbihis ka na. Magkita na lang tayo sa gate ng village niyo."**

"Ha, bakit do'n?"

"Magko-commute lang tayo."

"Bakit?"

"Gusto ko lang maranasan mo iyon."

"Pero..."

"Gusto ko lang ma-solo ka. Kapag pinagmaneho kasi kita ay magkakaro'n tayo ng oras na may pagitan sa isa't isa."

Hindi ko na talaga napigilan ang mapangiti. **"Nakokonsensiya ka, 'no?"** bintang ko.

"Huh?"

"Tch! Ilang linggo kang hindi nagpakita! Kahapon ay magka-text tayo at bigla ka na lang hindi nag-reply! Tinatawagan ko ang cellphone mo pero nakapatay!"

"Ang dami mo namang sumbat."

"Tapos ngayon ay bigla kang tatawag at magyayayang mag-date?"

"Pwede ka namang tumanggi kung ayaw mo talaga. Tss."

"Tch, e, di nakokonsensiya ka nga?"

"Hindi. Bukal sa loob ko 'to. Hindi ko idadaan sa konsensya ang pakikipag-date sa taong mahal ko."

Napamaang ako. **"Talaga, Taguro?"**

"Kumilos ka na dahil bihis na ako."

Nagulat naman ako. **"Gano'n ba? Sige, mabilis lang ako, babe! Miss na miss na kita, grabe! I love you, babe!"** agad kong ibinaba ang linya at nagtatakbo papasok sa bahay. **"Sapakin ako, ngayon na!"**malakas kong naisigaw dahilan para maagaw ko ang atensyon ng lahat nang nasa sala. **"Niyaya akong mag-date ni Taguro! Magde-date kami ni Taguro, bwahahaha!"** sinabi ko habang tumatalon-talon sa bawat baitang ng hagdan hanggang sa makarating ako sa pinakaitaas. Nang muli akong humarap sa kanila ay nagtatawanan na sila at napapailing. **"Tinawagan niya ako at sinabing nami-miss niya na ako! Tapos niyaya niya pa akong mag-date! Mahal na mahal niya talaga ako at patay na patay siya sa 'kin!"**

"Omo!" natutop ni mommy ang sariling bibig at kumendeng-kendeng. **"Galingan mo, baby! Maligo ka nang maayos na maayos!"**

Sunod-sunod ang naging pagtango ko at pinabaunan ko pa sila ng flying kiss bago tumalikod. Hindi na nawala pa ang mga ngiti sa labi ko mula nang makapasok ako sa kwarto. Agad na naagaw ng malaking teddy bear ang atensyon ko, nakapatong 'yon sa kama at parang nakatingin sa 'kin. Para iyon kay Taguro at sumasama ang loob ko sa t'wing maaalala kong ayaw niya iyon iuwi sa kanila. Ang dahilan niya ay para raw may mayakap akong kasinlaki niya sa t'wing wala siya. Hindi naman siya nagkamali dahil iyon nga ang ginagawa ko at talagang may mga sandaling naiisip kong siya iyon.

Apat na linggo ko siyang hindi nakita. Akala ko ay mamamatay na ako pero nakayanan ko dahil nagte-text pa rin siya! Pero kahapon? Tch! Naubos ang dugo sa katawan ko...gumapang sa sahig at nilampaso ni Manang. Pakiramdam ko ay panibagong dugo na ang nasa katawan ko ngayon. Masamang babae!

Nagbibihis ako nang mag-ring ulit ang cellphone. **"I love you, babe,"** nakangiting sagot ko, nadinig ko ang bungisngis ni Taguro.

"Nandito na ako, paalis ka na ba?"

Nanlaki ang mga mata ko. *Ang bilis niya naman?* **"Ah, oo! Oo! Bababa na lang ako."**

"Okay, I'll wait for you."

"Hindi mo ba gustong makipagkita sa pamilya ko na magiging pamilya mo na rin, babe?" nag-aalangang tanong ko.

"Mamaya na lang, pagkauwi."

Dadaan siya dito! Bwahahaha! **"Sige, hintayin mo ko d'yan, sorry, pinaghintay pa kita."**

"Ayos lang, kung ang premyo naman sa paghihintay ko ay ang makasama ka."

"Tch! Taguro... Taguro... Taguro... Tsk tsk tsk." Pakiramdam ko ay kinikiliti ang puso ko at pwede na akong magsuot ng palda sa sobrang kabadingan niyon. **"Papunta na ako diyan, babe. I love you,"** tugon ko at ibinaba ang linya. Napangiti ako sa screen ng cellphone at hindi na nawala ang malawak na ngiti ko. Hanggang sa makababa ako ay kumikinang ang mapuputi kong ngipin.

"Omo! Baby, you're so handsome!" salubong sa 'kin ni mommy na sininghot-singhot ang leeg ko.

"Mom?" nakangusong saway ko. **"Baka maubos ang aamuyin ni Taguro niyan, e."**

"Baby, you're so bad! Why do you keep on calling her like that?" nakangusong tanong niya, natawa naman ako.

"Dahil doon ko siya minahal, mommy. Mas minamahal ko nga lang siya sa ibang tawag pa. Hahaha! Aalis na po ako, kasi naghihintay sa 'kin ang puso ko sa labas ng village."

"Bakit doon?" tanong ni daddy.

"Magko-commute daw kami. Tch."

"I see, maganda 'yan, mas makakapag-bonding kayo."

"Mauna na po ako. I love you all!" yumakap lang ako sa kanila 'tsaka ako umalis.

Ilang metro lang ang layo ng gate sa 'min at hindi mangangalay ang panga ko kapag ngumiti ako hanggang doon. Ilang hakbang na lang ang layo ko nang matanaw ko si Taguro na nakatalikod sa gawi ko. Nakasilong siya sa post at mukhang bagot na bagot na sa paghihintay. Pero gano'n na lang ang pagkabigla ko nang makita ang kabuuan niya.

Siya nga ba 'yan? Bakit naka-dress siya? Maikli na at hapit na hapit pa! Anak ng...tsk! **"Babe!"** malakas kong tawag, pasinghal agad. **"Tsk.**

Nakakayamot!"

Dahan-dahan ang naging paglingon niya sa 'kin at hindi ko inaasahang matitigilan na naman ako. Napakaganda niya at hindi ko maiwasang harap-harapan na humanga. Bagsak ang mahaba niyang buhok, at talagang napakaganda niya sa suot niyang kulay rose pink na dress. May suot din siyang manipis at light na maong jacket, at bitbit na itim na pouch bag. Lumitaw ang mahaba, makinis at mapuputi niyang legs, at bumagay sa paa niya ang itim niyang sandals.

Marahan akong lumapit sa kaniya 'tsaka bumuntong-hininga, pilit kong itinago ang paghanga ko sa hitsura niya. **"Bakit ganiyan ang suot mo?"** kunot-noong tanong ko.

Natigilan siya, sandaling tumingin sa sarili. **"Hindi mo ba nagustuhan?"**

"Gusto ko. Gustong gusto ko, Taguro. Pero ang sabi mo ay magko-commute tayo? Napakaikli ng suot mo at hindi ako mapapakali nang dahil d'yan, Taguro," nakasimangot talagang tugon ko, siya naman ang ngumuso. **"Paniguradong ikaw ang magiging sentro ng atraksiyon at ayaw ko ng gano'n."**

"Sige, magpapalit ako kung gusto mo," sinserong tugon niya. Tumitig ako sa mga mata niya at alam kong napahiya siya dahilan upang makonsensiya naman ako.

"Hindi na. Halika sa bahay, magdadala ako ng kotse," bulong ko, bumuntong-hininga siya. Inilapit ko siya sa 'kin at hinalikan sa sentido. **"Napakaganda mo,"** mahinang sabi ko. **"Natatakot lang akong may ibang makakuha ng atensiyon mo, Taguro. Ayaw kong may ibang umaagaw sa paningin mo."**

"Naiintindihan ko," nakangiting tugon niya kaya napangiti ako.

"I love you, Babe."

"Mm."

Nangunot ang noo ko. **"Anong mm!"**

"I love you."

"'Yan. Matuto ang sumagot sa paglalambing ko. Tch," singhal ko at saka hinawakan ang siko niya.

Inalalayan ko siya habang naglalakad at talagang hindi ko mapigilan ang humanga. Sa tingin ko ay mas pumayat siya pero hindi masamang tingnan, lalo siyang gumanda.

"Nagpa-sexy ka ba para sa 'kin, babe?"

"Tss. Hindi, ah."

"Bakit gano'n ang pakiramdam ko?"

"Pakiramdam mo ang mali, hindi ako."

"Tch. Umamin ka na lang, wala namang masama ro'n."

Nagulat ang lahat nang makabalik kami sa bahay. Gaya ko ay humanga sila sa ganda ni Taguro. Hindi ko sila masisisi dahil ako ngang mas madalas siyang makita at makasama ay humanga.

"Wow!" sabay-sabay at paulit-ulit nilang paghanga. **"Napakaganda mo, hija!"** agad na sabi ni mommy. Lalo tuloy tumataas ang kompyansa ko para kay Taguro.

Totoong napakaganda niya sa suot niya. Babaeng babae. Malayo sa Taguro na una kong nakilala. Ilang sentimetro ang layo niya sa'kin pero nalalanghap ko ang bango niya at ng buhok niya. Hindi ko mapigilan ang bumilib sa sarili dahil alam kong girlfriend ko siya.

Lumapit sina mommy at *Noona* para yakapin si Taguro. Sandali rin silang nagbatian at nagkumustahan. **"Alam kong nababagot na si Sensui sa kahihintay sa 'kin kaya niyaya ko na siyang makipagkita."** Parang sinadya talagang iparinig sa 'kin 'yon ni Taguro.

"Oo, at mababaliw na ang isang 'yan dahil hindi ka nakikita," sabi ni *Noona*. **"I'm really happy to see you, Pein. You look so gorgeous."**

"Thank you, Dein. Kumusta ang baby mo?"

"Baby natin. Ayos naman, masiglang-masigla."

"That's good."

"Tumuloy ka muna at maupo," iginiya siya *Noona* paupo sa sofa.

"Dadalhin ko 'yong kotse ko. Ayaw kong mag-commute kami nang ganiyan siya kaganda," nakanguso kong sabi, naging malakas ang tawanan nila lalo na ang daddy ko. *Tch! Ano ba kasi ang nakakatawa ro'n!*

"Sa tingin ko ay kakailanganin niyo nga ang sasakyan," mula sa hagdan ay bumaba si Randall na marahang karga si RD. **"Napakaganda mo, Maxpein."**

"Salamat, Randall," nakangiting tugon ni Taguro, nakangiwi naman akong bumuntong-hininga.

Lumapit ako sa drawer at hinablot ang susi ko. Bago pa man makababa si Randall ay tumabi na ako kay Taguro. **"Aalis na kami ng girlfriend ko. Gusto ko ng maraming oras kasama siya dahil isang buwan siyang hindi nagpakita. Kung ako ang tatanongin ay gusto ko siyang**

parusahan, isang buwan siyang makikipag-date sa 'kin," sabi ko sa nanunumbat na tinig.

"Masiyado kang magastos. Makikipagkita nga ho pala kami sa pamilya ko. Sasabay nang mag-dinner sa 'min si Deib. Mauna na ho kami."

Bigla akong kinabahan. Hindi niya nabanggit sa 'king makikipagkita pala kami sa pamilya niya. Hindi ko alam kung handa na ba akong harapin sila matapos nang nangyari.

Hanggang ngayon din ay parang napapahiya ako sa t'wing maaalala kong nasaksihan ni Chairman Moon kung paanong sinigawan ni Chairman Enrile si Taguro. Talaga kasing mula no'ng makabalik kami ay wala nang naging usapan o anumang talakayan patungkol do'n.

Inalalayan ko si Taguro pasakay sa kotse. Nang makasakay ako ay agad akong tumunghay para ikabit ang seatbelt niya. **"Sa tingin ko ay kailangan mong magpaliwanag sa 'kin tungkol diyan sa suot mo, Taguro,"** seryoso kong sabi habang deretsong nakatingin sa mga mata niya.

"Ano naman ang ipapaliwanag ko?" Naiilang siya dahil sa sobrang lapit namin sa isa't isa.

"Sobrang ganda mo diyan sa suot mo, Taguro. Pero hindi ko maintindihan kung bakit kailangang mag-commute nang ganiyan ang suot."

Ngumuso siya. **"Sabi ni Yaz para hindi ka raw manumbat kapag nagkita tayo ngayon ay magpaganda ako. Iyon ang ginawa ko. Tinulungan niya akong mamili online, akala ko ay mapapamahal pero nakamura pa ako."**

"Pero hindi niyan sinasagot ang tanong ko, Taguro. Bakit kailangang mag-commute?"

"Wala naman. Gusto ko lang maranasan mong sumakay sa jeep at sa bus, at may mga kasamang ibang tao bukod sa 'kin."Nag-iwas agad siya ng tingin.

"Nagsasabi ka naman ng totoo, 'di ba?" malumanay kong tanong, inosente naman siyang tumango. **"Bakit kailangan mong mautal?"**

"Natatakot ako sa 'yo, e," malambing na aniya. Gustong tumalon ng puso ko sa tuwa.

Bwahahaha! Natatakot sa 'kin ang isang Taguro! Ang aking Taguro! Ang sarap sa pakiramdam magkaro'n ng ganitong titulo. Kinatatakutan ng isang Taguro. Hehehe!

"Bakit ka natatakot sa 'kin?" sumeryoso ako.

"Akala ko kasi ay magugustohan mo ang suot ko, hindi pala," nakangusong tugon niya.

"Sinabi ko bang ayaw ko niyang suot mo?"

"Hindi rin."

"Natatandaan kong sinabi kong gustong-gusto ko ang suot mo, Taguro. Sinabi ko ring napakaganda mo sa suot mo. Wala akong sinabing ayaw ko."

Hindi siya umimik. Nagkamot siya ng ulo at itinuon ang paningin sa mga kuko. Nagulat pa 'ko nang makitang may kulay rin ang mga daliri niya sa kamay at paa. Gusto ko na naman tuloy maglulundag sa tuwa dahil paniguradong ito ang epekto ko sa kaniya. Nasisiguro kong ginawa niya 'to para sa 'kin.

*Pinaghandaan niya ang date na 'to. Nag-effort siya para sa 'kin.***"'Yon na ba lahat ang paliwanag mo?"** muling tanong ko, nagtataka siyang tumingin sa 'kin. **"Kailangan ko ang paliwanag mo, Taguro."**

Bahagyang nagsalubong ang mga kilay niya. **"Pero nasabi ko nang lahat, babe."** Sinisikap niyang 'wag nang mautal.

Dumaragdag sa masarap na pakiramdam ang malambing niyang boses. *Tch! Nasanay kasi ang tenga ko sa mga singhal at kayabangan niya! Nami-miss ko 'yon pero mas nagugustuhan ko 'to.* **"Kailangan ko ng paliwanag na wala maski na isang salita, Taguro."**

Tumitig siya sa 'kin. **"Hindi ko maintindihan, Sensui."**

"'Yong paliwanag na gamit ang bibig pero walang sinasabi, Taguro. Mag-isip ka," nanunukso ang tinging sabi ko, napamaang agad siya. Bahagya akong humalakhak nang mamutla siya. **"Parang unti-unti akong pinapatay niyang labi mo, Taguro. Hindi madaling maghintay,"** dagdag ko, hindi siya umimik. Isinaksak ko ang susi sa ignition at in-start ang sasakyan. **"Hahalikan kita o hahalikan mo 'ko? Mamili ka, babe."**

"Tss. Nakakailang ka naman, e," biglang singhal niya, natawa ako.

"Sige," sabi ko 'tsaka biglang lumapit sa kaniya.

"Anong sige?"

"Halikan mo ko. Sa labi," utos ko at maangas na ingunuso ang labi ko. Ilang beses pa muna siyang kumurap 'tsaka marahang lumapit. Namumutla siya kaya gusto kong matawa.

Nang sa wakas ay maramdaman ko sa ilong ko ang ilong niya ay marahan kong ibinuka ang labi ko upang salubungin ang labi niya.

Ginawaran niya ako ng marahang halik kaya parang kinikiliti na naman ang puso ko, bagay na si Taguro lang ang kaisa-isang nakapagparamdam sa 'kin. Nang maramdaman ko ang pagkawala niya sa labi ko ay naimulat ko ang mga mata ko't sumama ang tingin sa kaniya.

Ngumuso naman siya sa 'kin. **"Tama na!"**

Inis akong napakamot ng ulo. *Hindi man lang tumagal ng 5 seconds? Badtrip!* **"Saan tayo, babe?"** tanong ko nang nasa daan na kami papalabas ng village.

"Sa Shangri-La. Doon din tayo makikipagkita sa mga Moon. Ayos lang ba sa 'yo na mapalayo tayo? Kaya gusto ko ring mag-commute tayo ay para hindi ka masyadong mapagod."

"Pero ayaw kong may iba kang makatabi bukod sa 'kin," nakangusong tugon ko. **"Paniguradong marami ang titingin sa 'yo na makakasabay natin sa byahe."**

Itinuro sa 'kin ni Taguro ang daan papunta sa Manila. Hindi ko kabisado ang lugar. Masaya kaming nagkwentuhan, nag-enjoy ako. Siya lang ang nakapagpaparamdam sa 'kin ng lungkot. Kaya siya lang din ang may kakayahang alisin iyon at palitan ng saya.

"Sa tingin ko ay hindi naman ako masiyadong mahihirapan sa exam na 'yon," walang halong pagyayabang na kwento niya. **"Pinag-igihan ko ang pagre-review kaya umaasa ako sa magandang resulta."**

"'Yan ang isa sa mga hinangaan ko sa 'yo, iyang utak mo," papuri ko. Sinulyapan ko siya, nakangiti na siya sa 'kin. **"'Buti naman at naisip mong makipagkita sa 'kin? Buong akala ko ay isang linggo lang tayong hindi magkikita, hindi ko akalaing ganito ka pala katagal kung mag-aral?"**

"Seven hundred items iyong acceleration exam na kukunin ko, Sensui."

Bahagya akong natigilan. **"Hindi ko alam na gano'n karami, babe."**

"Kaya gano'n ang paghahanda ko. Kagabi lang ako natapos mag-aral kaya ire-relax ko naman ang utak ko," nag-iwas siya ng tingin. **"Ikaw lang ang makakapagpa-relax sa buong sistema ko."**

Palihim akong napangisi. *In love talaga siya sa 'kin! Bwahaha!*

Agad kong iginala ang paningin nang marating namin ang hotel. Maganda ang lugar. Mukhang mayayamang tao lang ang nagagawi ro'n.

Madalang akong lumabas ng Laguna. At kung aalis man ako ay sa ibang bansa ang punta ko. Kung gusto kong mamili ng mga bagong damit ay sa

New York ako namimili, o hindi naman kaya ay sa Hongkong para malapit. Pumupunta kami sa mga five star hotels kapag may gathering na kailangang kasama ang buong pamilya, pero ngayon ko lang napuntahan ang isang ito. Kadalasan pa ay tumatanggi ako kapag niyayaya ako nina mommy. Kadalasan ay si *Noona* ang sumasama sa mga gatherings dahil siya ang mahilig sa sosyalan kahit pa hindi siya kasing-arte ng iba.

Matapos iwan sa valet ang kotse ay inalalayan ko si Taguro pababa. **"Nagugutom ka na ba?"** tanong niya na hinawi pa ang buhok.

Napangiti ako. **"Babaeng-babae ka na, Taguro."**

"Problema ba 'yon?" maangas na namang tanong niya.

"Sa akin, hindi."

"Problema para sa 'kin, gano'n ba?" tanong niya, nakangisi naman akong nagkibit-balikat. **"Bakit mo nasabi?"** tanong niya nang papasok na kami sa entrance.

"Good afternoon, Miss del Valle, Mr. Enrile." Bahagya pa akong nagulat sa guard na bumati sa 'min.

"Good afternoon," pormal na tugon ko at saka ko hinintay na makapasok si Taguro. Kinuha ko ang kamay niya at isinabit iyon sa braso ko. **"Bakit kilala nila tayo? 'Wag mo sabihing kayo rin ang may-ari nito?"** gulat na tanong ko, natawa siya.

"Hindi naman."

"May share?"

"Wala."

"Eh, bakit kilala nila tayo?"

"Ang apelido lang natin ang kilala nila, Sensui," nakangising tugon niya at napangiwi naman ako. **"Tinatanong ko kanina kung nagugutom ka na ba?"**

"Hindi, kumain ako nang marami kaninang breakfast."

"Nagugutom na ako."

"Eh, di kumain tayo," nakangiting tugon ko 'tsaka inakbayan siya. Hinawakan niya ang kamay kong nakaakbay sa kaniya at pinisil-pisil ko naman iyon. **"Na-miss kita. Na-miss mo ba ako?"**

"Hindi ba't 'yon nga ang dahilan kung bakit tayo nandito ngayon?"

"Kailangan mo ba talagang maging maligoy? Hindi ba pwedeng sabihin mo na lang sa 'kin na, oo, Sensui, miss na miss na kita, sobra-sobra?"

"Tss, hahaha! 'Yan! 'Yan ang na-miss ko. Ang pagiging assuming mo. Tara," anyaya niya at saka kami pumasok sa isang kilalang restaurant.

Gaya ng inaasahan ko ay naging sentro siya ng atraksyon. Napakaraming Amerikano ang tumitingin sa kaniya at hindi ko nagugustohan 'yon. Ako ang pumili ng mesa na malayo sa mata ng marami. Malaki ang upuan doon. At kung ako lang ang masusunod ay gusto kong maupo na lang kami sa iisang silya dahil kasya naman kami ro'n.

"Nakapag-enroll ka na ba?" tanong niya nang magsimula kaming kumain, tumango naman ako. **"Kung gano'n ay pumayag na pala talaga ang Chairman ninyo sa course na gusto mo?"**

"Wala na siyang magagawa dahil kinausap ko na sina mommy at daddy. Hindi ko rin magugustohan ang pag-aaral kung kukunin ko ang gustong course ni Chairman. Gusto niya kasing mag-Nursing ako at dumeretso sa Medicine, gaya ni *Noona*."

"I see. Mabuti naman at pumayag na siya."

"Hindi pumayag, wala na lang talaga siyang magawa. Hahaha."

"Mauuna kang makapagtrabaho kaysa sa 'kin."

"Sabay pa rin naman tayong tatanda kaya ayos lang. Hahaha," tugon ko, nakitawa rin siya.

Matapos kong bayaran ang light meal na 'yon ay nagyaya siya sa book store. Mamimili raw siya ng mga gamit niya para sa paparating na school year. Napakasaya ko dahil ako ang naisip niyang isama sa pamimili. Samantalang pwede naman siyang magpasama kay Parrot lalo pa at pareho ang kakailanganin nila na mga gamit.

Ako ang nagtulak ng cart habang hawak-hawak ko ang pouch bag niya. Pinagmamasdan ko siya habang namimili ng notebooks na gusto niya. Napapangiti ako sa pagiging salubong ng mga kilay niya habang sinisipat ang mga notebooks.

Para talaga siyang lalaki.

'Yong pagiging tutok niya sa pagsusuri ng isang bagay ay kadalasang gawain ng isang lalaki. Kung babae ang mamimili ng notebooks, paniguradong panglabas na anyo ang unang titingnan nito, kung maganda ang kulay, masarap sulatan ang papel at kung ano-ano pa.

"Aanhin mo ang ganiyan karaming notebooks, babe? May sariling notebook ang BIS," mayamaya'y sita ko sa kaniya.

"Kinukulang ako sa isa. At isa pa, mahilig akong magsulat," nakangiting tugon niya, tumango-tango naman ako. **"Tara ro'n sa mga**

ballpen."

"Ballpen talaga ang gamit mo?"

"Oo, pero minsan ay gumagamit din naman ako ng signpen. Pero dahil mahilig nga akong magsulat, magastos ang signpen."

"Sige na, kumuha ka ng sampung box. Ako ang magbabayad ng pamimilihin mo."

"Bakit?"

"Dahil gusto ko," pagtatapos ko sa usapan. Binitiwan ko ang cart at saka ako tumabi sa kaniya. Ngumiti ako sa assistant. **"Good afternoon, pakilabas ang lahat ng klase ng Parker Pen Sonnet—"**

"Oh, please, ayoko ng Parker," pigil ni Taguro sa 'kin. **"Hindi ako sanay gumamit non. 'Yong simpleng sign pen na lang, 'yong 0.5, please,"** pakiusap niya, nakangiting tumango naman ang asistant. **"Allergic ako sa mamahaling gamit, Sensui,"** natatawang bulong niya, nagtawanan kami. Inakbayan ko siya, isinabit niya naman ang braso sa likuran ko. **"Tumigas ang katawan mo, ah? Nag-gym ka ba?"**

"Nope. That's natural, babe," mayabang kong tugon, ngumiwi lang siya.

Mayamaya ay bumalik ang assistant at inabot sa 'min ang pinakamagandang sign pen na nakita niya. **"Bigyan mo siya ng sampung box, please,"** pakiusap ko, tumango naman agad ito at sumunod. **"May kailangan ka pa ba?"** mayamaya pa ay tanong ko.

"Oo, gusto ko sana ng libro," aniya kaya pumunta kami sa pwesto ng mga iyon.

"Alam mo bang mahilig ako sa pocketbooks, babe?" medyo nahihiyang sabi ko.

Binitiwan ko ang cart at nagtingin-tingin din ng libro. Gulat siyang napatingin sa 'kin nang lingunin ko siya kaya medyo natawa ako.

"Bading na naman ako?" natatawang tanong ko, tatlong beses siyang tumango. **"Pero iyon ang libangan ko kapag wala akong ginagawa."**

"Just kidding, I actually find it cute," aniya. Napangiti naman ako saka lumapit sa kaniya. Isinandal ko sa tagiliran niya ang likod ko habang binabasa ang buod ng librong aking hawak. Inihilig niya naman ang ulo sa batok ko.

Agad na nangibabaw ang papuri ng mga babaeng nakakita. Paulit-ulit na sinabi ng mga iyon na ang sweet ko. *Sa tingin ko ay nagkamali ako, ako pa*

rin ang sentro ng atraksyon. Bwahahaha! Pero mayamaya lang ay mga boses ng lalaki naman ang nangibabaw, pinupuri nila ang ganda ni Taguro.

"She's hot," bulong pa ng isa.

Inis akong sumilip sa pagitan ng mga libro at nakita ang tatlong lalaking nakasilip kay Taguro. Mga mukhang Arabo. Pero dahil sa punto ng pananalita ay mukhang naglalagi na sa bansa.

"And she's mine," singhal ko sa kanila. Ngumiwi naman ang mga ito.

Ngingisi-ngising lumayo ang tatlo habang sumusulyap pa rin kay Taguro. Nang lingunin ko si Taguro ay kuminang ang mga ngipin niya sa sobrang pagkakangisi, nakatingin pa rin sa libro.

"Tch. Nagustohan mo ba ang papuri sa 'yo ng mga iyon, Taguro?"

"Bakit hindi, Sensui?"

"Ha! Hoy!" nagbabantang tingin ang ibinigay ko sa kaniya at saka ko siya pinasadahan ng tingin. **"Wala kang tatanggaping ibang papuri bukod sa mga nanggagaling sa 'kin. Malinaw?"**

"Malabo," natatawang tugon niya. **"Kailangan ko nang maraming papuri, pagkain ng kaluluwa ko iyon. Doon ako humuhugot ng angas,"** aniya 'tsaka isinauli ang librong hawak at inilagay sa cart ang dalawang napili niya. Inilagay ko naman ang tatlong English pocketbooks na nagustohan ko.

"Ano pa ang kailangan mo, babe?"

"Mamimili siguro ako ng ilang damit. Kailangan ko rin ng bag at sapatos."

"Pambabae?" nanunuksong tanong ko, ngumiwi siya. **"Tch."**

"Hindi ako komportable sa anumang pambabae, Sensui," nakangisi at maangas pang aniya. Hinawakan ko ang dalawang kamay niya, magkayakap naming itinulak ang cart. **"Kailangan ko ng black school shoes. Masiyadong maraming mukha ang nasipa ko ro'n sa luma kaya wala pang isang taon, sira. Rubber shoes ay marami ako, binilhan ako ni Maxwell ng sangkatutak. Natatandaan mo ba?"**

"Wala kang nabanggit sa 'kin na binilhan ka niya ng maraming rubber shoes, babe," pumila kami sa counter.

"Dahil hindi naman iyon ang punto ko," natatawang sabi niya. **"Natatandaan mo ba nang ipamigay mo ang sneakers ko?"**

"Ah, hahaha! Oo!"

"Tss. Si Maxwell ang bumili no'n."

"Ah, talaga? Nakakadiri ka nga, eh. Binawi mo pa."

"Hindi, ah."

"Anong hindi? Nakita kitang suot uli iyon no'ng party."

"Bagong bili na iyon ni Maxwell. Sinadya kong piliin iyong kaparehong design."

Matapos kong bayaran ang lahat ng pinamili namin ay sinamahan ko siyang mamili ng sapatos. Kung kanina ay masaya akong isinama niya ako, mas natuwa pa 'ko nang tanungin niya ako kung alin ang bagay sa kaniya. Maaaring mababaw lang ang gano'n pero kakaiba ang dating sa 'kin. Siguro ay dahil ngayon lang namin ginawa ito.

Iba ang epekto sa 'kin. Hindi nawawala ang mga ngiti ko. Maging sa damit ay ako ang pinapipili niya. Syempre, ayaw ko nang maikli. Hindi kailanman ako naging pabor sa ganoong klase ng damit, girlfriend ko man siya o hindi. Maski ang kapatid ko ay hindi ko hinahayaang magsuot ng gano'n.

Pero dahil si Taguro ang kausap ko, nagbago na naman ang pananaw ko, nasunod ang gusto niya at nabale-wala ang dahilan ko. May nagustuhan siyang cocktail dress at hindi siya nahinto hanggang hindi nababayaran iyon.

"Bilhin natin 'to." Itinuro niya ang pares ng pantulog. Blue ang panlalaki at pink naman ang pambabae. **"Isusuot ko kapag matutulog ako sa inyo,"** nakangiting aniya.

Mas napangiti naman ako sa tuwa. **"Sa amin ka matutulog?"** nakikiusap ang tono ko.

"Mm, pag-iisipan ko."

Namili rin kami ng mga damit at laruan para kay RD. Gumastos siya ng sariling pera para sa ipapasalubong niya sa pamilya ko. Tumanggi pa ako nang pumili siya ng ireregalo kay Randall pero dahil nga siya si Taguro, siya na naman ang nasunod.

Matapos niyon ay dumeretso kami sa isang record store, namili kaming pareho ng movie. Nasa ganoon naman kaming sitwasyon nang mag-ring ang cellphone ko.

"Babe, tumatawag si Kim," sabi ko.

Nag-angat lang siya ng tingin sa akin at bumuntong-hininga. **"Okay."**

"Excuse me." Bahagya akong lumayo. **"Hey, Kim, what's up?"**

"Deib Lohr!" masayang bati nito sa kabilang linya.

Nanibago ako. **"Mm, napatawag ka?"**

"I think I miss you."

"What?"

"Sa tingin ko ay nami-miss kita!" humalakhak pa siya.

"Tch, loko."

"Seryoso! What are you doing right now?"

"I'm here in Manila with Maxpein."

"Gumagala kayo?"

"It's a date."

"Ah, yeah. Nakakaabala pala ako kung gano'n?"

"Hindi naman." Nilingon ko si Taguro.

"I guess I'll you again later, if it's okay with you? I don't want to interrupt your date."

"I'll wait for your call, then."

"Cool! I'll call you, bye!" Kunyari pa siyang humalik bago ibinaba ang linya.

Iiling-iling kong ibinulsa ang telepono saka muling bumaling kay Taguro. Natigilan ako nang makitang nakatitig na siya sa akin. **"Babe,"** lumapit ako.

"Ano raw 'yon?" Hindi niya inalis ang paningin sa 'kin.

"Nangungumusta lang."

"Wala akong narinig na sagot patungkol sa lagay mo," nakangiting tugon niya at saka tinalikuran ako.

Napangisi ako. *Selosa.* Lumapit ako sa kaniya at humalik sa pisngi niya. **"Wala 'yon, babe."**

"Wala naman akong sinabi," aniya 'tsaka lumayo at muling pumili. **"Sa tingin ko ay sapat na 'tong napili ko, wala masiyadong magagandang palabas."**

"'Eto, babe, oh. Mga love stories."

"Patayan ang gusto ko, Sensui," tugon niya habang nakatingin sa mismong mga mata ko.

Nanlaki ang mga ko 'tsaka ako napalunok. *Sinasabi niya bang papatayin niya si Kim?* Sunod-sunod akong napailing. *Andwae! Andwae! Hindi gano'n si Taguro.* **"Of course you love action,"** kabig ko.

"Tss," singhal niya 'tsaka nagpaumunang pumunta sa counter.

Sumunod naman ako. **"Ako na ang magbabaya—"**

"May pera ako," pigil niya sa 'kin.

"Babe," bulong ko. Nakangiti naman kaming pinanood ng mga assistant doon. Hindi siya tumugon at umastang kukuha na sa pouch niya kaya

inagaw ko 'yon at hinugot ang wallet ko. Naglabas ako ng cash at nagbayad. **"Ako na,"** nakangiting tugon ko. Bumuntong-hininga naman siya sabay irap. Hindi siya nagsalita hanggang sa makalabas kami at maglakad palayo. **"Babe?"**

"Oh?"

"Nagseselos ka?" tanong ko pero hindi siya sumagot. **"Babe?"**

"Hindi."

"Nagseselos ka, eh."

"Kapag sinabi kong hindi—makontento ka na," tugon niya 'tsaka nagpaumanang maglakad. Bumagsak naman ang mga balikat ko at sumunod sa kaniya.

"Galit ka ba?"

Tumawa siya. **"Bakit naman ako magagalit?"** saka siya sumeryoso.

Ngumuso ako. **"Alright. Sinabi niyang na-miss niya ako. That's all."**

Nadinig ko ang pagsinghap niya. 'Ayun na naman 'yong natural niyang angas. **"Ano raw ang dahilan niya?"**

May dahilan ba dapat 'yon? Hindi ba't natural naman 'yon sa magkakaibigan? **"Wala siyang sinabi."**

"Bakit kailangan mo pang lumayo bago sagutin ang tawag niya? Hindi mo ba siya masasagot nang katabi ako?"

Natitigilan akong napatitig sa kaniya. *Napakaprangka niya!* **"Sorry."**

"Tara na sa hotel, nakatanggap na ako ng text mula kay Maxwell," walang emosyong aniya 'tsaka kami naglakad papunta sa kung saan.

Galit siya... Sumunod lang ako sa kaniya habang tulak ang cart. Sinasamaan ko ng tingin ang bawat lalaking sumulyap sa kaniya habang naglalakad kami. Batid kong tatanggi siya kapag lumapit ako kaya hinayaan ko na lang siyang maglakad mag-isa.

Mayamaya pa ay sumakay kami ng elevator. Hindi ko tuloy naiwasang maalala 'yong sandaling sumiksik siya sa suot kong roba. *Nagiging selosa na siya, hahaha! Hindi ko maintindihan kung dapat ko bang ikatuwa o ikalungkot 'yon. Pero sa ngayon ay natutuwa ako. Hehehe.*

Elegante ang hotel. Hindi na kataka-taka dahil Moon ang pumili niyon. Hindi na ako nagulat nang batiin kami pagkapasok at ihatid sa mesa kung nasaan ang pamilyang Moon.

"Good evening," sandali kaming nakipagbatian ni Taguro.

"Have a seat," tugon ni Chairman Moon. **"It's nice to see you again."**

Naupo ako sa tabi ni Taguro. Kasunod niyon ay isa-isa nang i-s-in-erve ang mga pagkain. Kompleto ang pamilyang Moon, ultimong si Heurt ay nandoon. Syempre, pare-pareho nila kaming kinumusta, paulit-ulit ang pagsagot ko. Gaya ng dati ay wala pa ring emosyon si Taguro nang batiin siya ng mga ito.

"Kumusta ang pinagkakaabalahan mo, Maxpein Zin?" tanong ni Chairman Moon sa kalagitnaan ng pagkain.

Inubos ni Taguro ang laman ng bibig bago tumingin nang deretso sa lolo. **"Sa tingin ko ay sapat na ang nalaman ko,"** pormal na tugon ni Taguro.

Bilib ako sa t'wing pormal ang pananalita ni Taguro. Malayo 'yon sa natural niyang pagiging bastos. Hindi nawawala ang angas.

"Mapagtatagumpayan mo naman ba iyon, Maxpein Zin?"

"Walang dahilan para hindi, Chairman," may kaunting ngisi sa labi ni Taguro.

Siguro ay 'yong acceleration exam ang tinutukoy nila.

"Magaling kung ganoon," nakangiting tugon ni Chairman saka tumingin sa 'kin. **"Kumusta ang bakasyon mo, apo?"**

Apo? Nanindig ang mga balahibo ko. Hindi ako sanay nang tinatawag niya ng gano'n. Tumikhim ako bago nakapagsalita, **"Maayos naman, Chairman. Naging abala rin po ako sa pag-aaral kahit bakasyon."**

"Mabuti kung ganoon. Nakakatuwa na malaman na ngayon lamang kayo nakapagkita dahil pareho kayong abala sa pag-aaral. Batid kong kolehiyo ka na sa pasukan? Plano mong maging inhenyero. Interesante ang kursong iyan," nakangiting aniya. Parang pinisil ang puso ko. Siya lang ang nakapagsabi sa 'kin na interesante ang kursong gustong-gusto ko.

"Thank you, Chairman," galak na galak, bigay na bigay na tugon ko. **"Akala ko nga ay hindi ko na makukuha ang course na gusto ko. Hindi kasi iyon ang gusto ni Chairman Enrile para sa akin."**

Natawa si Chairman Moon, bagay na hindi ko inaasahan. **"Hindi naman siya ang mag-aaral kaya hindi na mahalaga kung gusto niya ang kurso mo o hindi. Ang mahalaga ay iyon ang gusto mo,"** lalo akong natuwa at nagalak sa sinabi niya. **"Study hard,"** aniya pa saka tumingin kay Taguro. **"Study hard, Maxpein Zin."**

"I don't study," mapaklang tugon ni Taguro, kumunot naman ang noo ni Chairman. **"I like learning by experiencing, that's better."**

"At sana ay huwag ka nang basta-basta pumasok sa gulo."

Nangunot ang noo ko. *Ibig sabihin ay pwede pa rin siyang pumasok sa gulo?* Gusto kong magprotesta pero wala akong lakas ng loob.

"Depende pa rin sa kaharap ko, Chairman," maangas na namang ani Taguro saka nilingon ako. Tumingin siya sa plato ko. **"May hinihintay ka bang tawag at hindi mo na magawang ubusin ang pagkain mo?"** mapaklang aniya, napanganga ako.

"Wala, Taguro."

"Kumain ka."

"Kumusta ang relasyon ninyo?" tanong ni More mayamaya. Kinabahan ako nang makitang sa 'kin siya nakatingin.

"At stake," si Taguro ang sumagot.

"Babe?" nanunuway kong bulong. **"Anong at stake?"**

Ngumisi siya, nang-aasar. **"Isang buwan ko siyang hindi nakita. Pakiramdam ko ay isang buwan din na naging itim at puti ang buong paligid ko."**

Pinigilan kong ngumiti. Bahagya kong nakagat ang pang-ibabang labi ko upang maiwasan ang mangiti.

"*Hyung,*" dinig kong bulong ni Maxrill, siya ang nasa tabi ko. **"You look cute."** Nginitian ko lang siya. **"Here, this is for you,"**inilagay niya ang isang hiwa ng stake sa plato ko. **"And this is for Maxrill Won,"** inilagay niya ang mas malaking hiwa ng stake sa sariling plato.

Hindi ko nagawang sumagot at sa halip ay napangiti na lang ako. Sinulyapang muli ni Taguro ang plato nang lingunin ko siya. Nagtuloy na lang ako sa pagkain.

"Kumusta ang lagay ng relasyon ninyo sa Chairman Enrile?" tanong naman ni Maze mayamaya. Pakiramdam ko ay nasamid ako nang makitang lahat sila ay nakatingin sa akin.

Nilingon ko si Taguro, umaasa akong tutulungan niya akong sumagot. Pinunasan ko ang labi ko saka nagsalita, **"Hindi pa namin napag-uusapan ang tungkol sa bagay na 'yan, President Moon,"** napapahiyang sabi ko.

"Gayunma'y naiintindihan ko kung saan nagmumula ang galit ng Chairman. Napakabata ninyo pa nga naman para magtabi sa iisang kama. Sana lang ay hindi na maulit kung ano man iyong nasaksihan naming sagutan sa pagitan ninyo. Hindi ko gusto kapag sumasagot si Maxpein Zin sa kahit na sinong nakatatanda sa kaniya. Maaari niyang ikapahamak ang ugali niyang iyon," nangangaral ang tono ng pananalita ni Maze.

"I would like to apologize again for my behaviour. And for what our Chairman did to Maxpein, I'm sorry," sinsero kong sinabi.

"Ang tungkol sa nangyari," ani Chairman Moon. **"Ang nangyaring iyon sa Palawan. Hindi ninyo pa ba napag-uusapan?"** Batid kong iyong pamamaril ang tinutukoy niya. Napapahiyang umiling ako, nadinig ko naman ang pagbuntong-hininga niya. **"Mag-iingat ka, hijo."**

Bigla ay kinabahan ako sa sinabi niya. Nag-angat ako ng tingin at nagtama ang mga paningin namin ng Chairman. Ilang beses akong napalunok habang pareho kaming nakatingin sa isa't isa.

"What do you mean by that, Chairman Moon?" hindi ko napigilan ang sarili kong magtanong.

"Tinatakot mo siya, *Hwejang-nim*," saway ni Taguro.

Ngumiti naman ang Chairman kaya lalo akong nalito. **"Oh, is that so? Hindi ko alam na nakakatakot na pala ang paraan ko ng pagsasabi ng ganoon ngayon. Pagpasensiyahan mo na kung gano'n,"** sinserong aniya pero hindi nabawasan ang pagkalito ko.

Kinabahan ako lalo. *Ano ang ibig niyang sabihin?*

Napakarami pa naming napag-usapan pero wala na ako sa sarili. Kinakabahan ako at hindi ko maintindihan ang nararamdaman ko. Meron sa loob ko ang nagtatanong.

May kinalaman ba siya sa nangyari para magsabi nang gano'n? Pero bakit? Paano?

Napatingin ako kay Chairman Moon. Wala akong makitang bahid ng kasamaan sa napakagandang ngiti niya. Ayaw kong magbintang. Pero siya ang nagbigay sa 'kin ng dahilan para makaramdam ako ng ganon. Hindi ko nagustuhan ang naiisip ko laban sa kaniya.

Napakaganda ng pakikitungo nila sa 'kin, hindi pwede ang naiisip ko.

Wala sa sariling napatayo ako habang ang lahat ay nag-e-enjoy sa desserts nila. Nilingon ako ni Taguro kaya ginawaran ko siya ng isang pilit na ngiti.

"I need to go to the washroom," paalam ko.

Nanatiling nakatingin sa 'kin si Taguro kaya hindi ko ipinahalata ang kaba ko. Hinawakan ko ang pisngi niya saka ako naglakad papunta sa washroom.

Ngunit hindi ko pa man tuluyang nararating ang banyo ay nakaramdam na ako ng kakaiba sa dibdib ko. 'Ayun na naman iyong masamang

pakiramdam. Iyong malakas na pintig ng puso kong may nakakatakot na pagitan.

Please, not now.

Nagmadali akong maglakad papunta sa dulong pinto habang hawak-hawak ko ang aking dibdib. Napangiwi ako dahil sa sakit. Bago ko pa man mapasok ang washroom ay natigilan na ako. Naituon ko ang bigat ko sa doorknob. Sa ganoong paraan ko natitiis ang sakit.

Ngunit agad akong natigilan nang may kamay na humawak sa braso ko. Dahan-dahan kong naipihit ang paningin sa nagmamay-ari ng kamay na iyon. Pakiramdam ko ay humiwalay sa 'kin ang kaluluwa ko nang mapagtanto kung sino ang nasa tabi ko.

Ikaw? Hindi ko nagawang isatinig ang laman ng isip ko.

"I didn't expect to see you here," namamanghang aniya. Bahagya siyang lumayo at pinasadahan ng tingin ang kabuuan ko. **"It's really you."**

"What are you doing here?"

"Naka-check-in ako sa hotel na 'to. How about you? What a coincidence!"

"I need to go," pagmamatigas ko saka pinihit ang doorknob pero pinigilan niya ako. Inis kong sinulyapan ang kamay niya saka galit na binawi ang braso ko. **"What the hell do you think you're doing?"**

"Hey, wait, tone down your voice. Why are you yelling at me?"

"Are you following me?"

"What, no!" nanlalaki ang mga matang tanggi niya. **"Look, as I've said, naka-check-in ako sa hotel na 'to. I was having my dinner when I saw you—"**

"Hindi ako interesado sa 'yo," mariin na tugon ko. Natigilan siya. **"I'm with my girlfriend right now so please don't come near me again,"** pakiusap ko at saka tinalikuran siya. Pumasok ako at pabagsak na isinara ang pinto.

What is she doing here? Damn it. Pakiramdam ko ay lalo akong kinabahan. *Sa Palawan ko siya unang nakita, ngayon ay nandito siya sa Manila. Is this really a coincidence?*

Hindi ko inaasahang makikita ko ang babaeng 'yon na sumunod-sunod sa 'kin, at siya ring pinagselosan ni Taguro sa Palawan. Naghalu-halo na naman ang emosyon ko. Natatabunan ang mga tanong sa utak ko. Parang gusto kong maupo at ipahinga ang aking buong katawan. Ang kabog na 'yon sa dibdib ko ay binabagabag na ako masiyado.

Ilang saglit akong nanatili sa washroom, ipinahinga ko ang isip at puso ko. Nahihirapan ako sa sitwasyon ko ngayon. Sinuri ko muna ang sarili ko sa salamin bago tuluyang lumabas. Pero muli akong nagulat nang makita kong nandoon pa rin 'yong babae.

"Why are you still here? Didn't I tell you not to come near me?"

"I hope you don't mind if we get to know each other a little."

"I said I'm not interested."

"My name is Eerah Anitha, what's yours?" nakangiting pakilala niya. Parang hindi naririnig ang mga sinabi ko.

Nagtiim ang bagang ko. **"If you don't want to get hurt, don't ever show up in front of me again."**

She smirked. **"Sa ginagawa mo ay lalo mo akong binibigyan ng dahilan upang lapitan ka, Deib Lohr Enrile."**

Natigil ako sa akmang pagtalikod. Nagngalit ang panga ko at nahablot siya. **"Who the hell are you?"** gitil kong tanong. Nginisihan niya lang ako. **"Paano mo akong nakilala?"**

"I am interested with you."

"What do you want?"

"You."

"Bullshit!" gilalas ko, bagay na ikinabigla niya. **"I am warning you, don't come near me."** Dinuro ko siya sa mukha saka ko siya tinalikuran. Pakiramdam ko at noon ko lang nagawang magbanta sa tao. And I really mean it.

Ngunit matigas ang babaeng ito. Hindi pa man ako tuluyang nakalalayo ay hinablot niya muli ako sa braso at sapilitan iniharap. May kung anong kuryenteng akong naramdaman nang maglapat ang balat naming dalawa. Dahilan para marahas kong bawiin muli ang braso ko.

Gano'n na lang ang gulat ko nang bigla ay halikan niya ako. Marahas ko siyang naitulak. Paulit-ulit kong pinunasan sa pandidiri ang aking labi saka siya sinamaan ng tingin.

"Why the hell did you do that?" sigaw ko. Sinugod ko siya at minsan pang itinulak.

"You're hurting me!"

"And I don't care," singhal ko saka dinaklot ang blusa niya. **"Subukan mo pang lumapit sa 'kin—mas masasaktan ka pa."** Muli ko siyang itinulak, mas malakas. Muli rin siyang humampas at nasaktan. **"Bitch,"** mariing sabi ko bago siya tinalikuran.

Hindi ko maintindihan ang mararamdaman ko. Nag-iinit ang ulo ko at gusto kong magwala sa galit. Pakiramdam ko ay intensyon ng babaeng iyon na sundan ako.

Fuck it! I've been kissed by a bitch! How did she know my name? Paniguradong sinusundan niya 'ko! Lalo akong nainis.

Handa na sa pag-alis ang lahat nang makabalik ako sa mesa. **"Hey,"** lumapit sa 'kin si Maxwell. Pakiramdam ko ay tuliro pa rin ako. **"We have to go now. May pupuntahan pa akong gathering."**

Nakipagtapikan ako ng balikat sa kaniya. **"It's okay. Where's Maxpein?"**

"She went to the ladies room."

Bigla ay kinabahan ako. **"She's in the comfort room?"**napapraning pang paglilinaw ko.

"Yes," nagtatakang tugon niya.

Agad akong napalingon sa gawing pinanggalingan ko. Pilit na hinanap ng paningin ko si Taguro.

"Ladies comfort room is on the other side, Deib Lohr," ani Maxwell. Muli ko siyang nilingon. Iyong gawing kabila, salungat sa pinanggalingan ko, ang kaniyang itinuro. Nakahinga ako nang maluwag.

"Deib Lohr, hijo," lumapit sa 'kin si Chairman Moon. **"Mauuna na kami. Ikaw na ang bahalang maghatid kay Maxpein."**

"I'll take her home, Chairman."

"Thank you. It's nice to see you again, hijo, I had a great time. I hope that this is not the last. We should do this more often, I want to know you better."

"I'd be delighted to do that, Chairman," nakangiting tugon ko. Hindi na nagawang sumagot ng Chairman, eksakto kasing lumapit si Taguro.

"Are you sure you're not joining us to the party, Maxpein?"tanong ni More.

"Inaantok ako sa gano'ng klase ng salo-salo, dad. Mas gusto kong makasama si Deib."

Ngumiti sa 'min si More. **"Ikaw ang bahala. Anyway, Heurt is joining us. Gusto siyang ipakilala ng Chairman sa mga dadalo doon."**

Nangunot ang noo ni Taguro, parang gustong tanungin ang ama pero hindi na nagawa. Sa halip ay binalingan niya na lang si Heurt. **"Magkita tayo bukas. Dadalhin kita sa The Barb. Nakausap ko na ang kaibigan ko at pumayag sila sa gusto kong mangyari."**

"Sige. Aasahan ko ang tawag mo bukas. Mag-iingat kayo," nakangiting tugon ni Heurt na humawak pa sa braso niya. **"Deib Lohr,"** bati niya sa 'kin, tumango naman ako.

"Bye," kaswal na paalam ni Taguro.

Hindi man lang yumakap o humalik si Taguro sa pamilya nang magpaalam. Malayo siya sa gawain at nakasanayan ko. At sa halip ay tinapik niya isa-isa ang mga ito sa balikat at mabilis na tinaasan ng dalawang kilay. Sa ganoong paraan siya nagpaalam sa lahat.

"Thanks for tonight, everyone," paalam ko saka iginiya si Taguro papalabas.

Para akong hangin na naglakad pabalik sa valet. Nangibabaw na naman sa isip ko ang ginawa ng babaeng 'yon. Ni hindi ko man lang din naramdaman nang itago ko sa compartment ang mga pinamili ni Taguro. Hindi ko nagawang kumibo maski isang salita, pakiramdam ko ay punong-puno ang isip at dibdib ko. Bumuntong-hininga ako at saka nagmaneho.

Napakatahimik sa daan namin pabalik ni Taguro. May mga sandaling nililingon ko siya pero nasa labas lang ang paningin niya. Mahaba ang byahe pero hindi ko man lang naramdaman nang makarating kami.

"Nag-iba ang ihip ng hangin," aniya matapos ko siyang pagbuksan ng pinto ng kotse. Bagaman hindi ko siya naintindihan ay agad akong natigilan at napapatitig sa kaniya. Hindi niya ako pinansin. Dumeretso siya sa backseat at kinuha ang mga pinamili niya.

Paniguradong nahalata niya ang pananahimik ko. Umayos ka, Deib. Si Taguro ang kaharap mo. At mas matindi pa sa inaakala mo ang pakiramdam niyan.

Nag-alala ako sa iniaasta ko. Pero hindi ko maiwasan. Hindi talaga mawala sa isip ko ang mga nangyari nitong gabi. Ang pag-iingat ko na sinabi ni Chairman Moon. Ang kakaibang tibok ng puso ko. At ang babaeng 'yon.

"My name is Eerah Anitha, what's yours?"

Damn you!

"Pwede ko bang malaman ang iniisip mo?" bigla ay tanong ni Taguro.

Napamaang ako at sunod-sunod na napalunok dahil sa kaba. **"Wala, napagod lang ako."**

"Mm," tumango siya. **"Ang layo ng sagot mo,"** nakangiwing aniya. Nagbaba ako ng tingin. **"I'll give this to your family then I'll go home. I think you need to rest—"**

"No," hinawakan ko ang braso niya. **"I want you here. I don't want you to go yet."**

"Hindi ka makapagpapahinga kung narito ako."

"I'm tired but I can rest later, babe. Please? I still want to be with you."

"Okay," walang emosyong tugon niya saka nanguna papasok. Nagmadali akong pagbuksan siya ng gate.

"Yiee! Our Maxi is back!" salubong ni mommy. Pilit kong pinalis ang laman ng isip ko't nagpakita ng saya sa kanila.

"May pasalubong siya sa inyo," masayang balita ko.

"Omo! Yiee! Come here, baby, come here," iginiya ni mommy si Taguro paupo sa sofa. **"How was your date?"** nanunuksong tanong niya.

"Mm, ayos naman ho, napagod ang anak ninyo."

"Why baby?" nag-aalalang tanong ni mommy, hinaplos pa ang braso ko't hinila ako papaupo sa tabi niya. **"Are you okay? You look pale."**

"No, mom, normal ko 'yan."

"Tsk tsk. You know what, Maxi, baby? Hindi siya makatulog kaiisip sa 'yo! Ikaw parati ang sinisisi niya kapag puyat siya, kapag gutom siya, kapag ayaw niyang kumilos, kapag may sakit siya at kapag mainit ang ulo niya. Our baby is a very very bad guy!" parang batang ani mommy, natawa na lang ako. **"Wow! Is this for me? Omo! I love it!"** masaya siyang makita ang simpleng cocktail dress para sa kaniya.

"Look, mom, partners tayo!" ani *Noona* na ipinakita ang sa kaniya. Magkaiba ng istilo ang mga iyon pero iisa ang design at kulay.

"Wow, it's so sweet of you." Niyakap ni mommy si Taguro.

Tumayo ako at kinuha ang kamay ni Taguro. **"Binili niya lahat 'yan para sa inyo, meron din sina Randall, Manang at si daddy, lalo na para kay RD. Mauuna na muna kami sa 'taas,"** nakangising paalam ko, binigyan nila ako ng nanunuksong tingin.

"Gusto pa akong kausapin ng pamilya mo," protesta ni Taguro.

"Paano naman ako? Gusto rin kitang makausap," nakangising tugon ko at saka siya pinagbuksan ng pinto. Nang makapasok kami ay saka ko siya yinakap. **"Miss na miss kita, babe,"** inihilig ko ang ulo sa balikat niya saka doon pinapayapa ang isip ko. Napabuntong-hininga ako at mas humigpit ang yakap. Pilit kong inaalis ang mga bagay na kaninang pumupuno sa utak ko.

Ikaw lang ang gusto kong gumulo sa isip ko, Taguro, wala nang iba.

"Na-miss din kita," tugon niya.

Napangiti ako. **"Ang payat mo na."**

"Ikaw rin." Humiwalay siya at hinawakan ang pisngi ko. Inihilig ko naman ng todo ang mukha ko sa palad niya. **"Ang gwapo mo,"** nagpipigil ng ngiting aniya.

Lumabas ang matamis na ngiti ko. **"Bakit kapag iba ang nagsasabi, balewala lang sa 'kin? Kapag ikaw na ay iba ang dating. Ang sarap pakinggan."**

"Ikaw ang pinakagwapong lalaking nakilala ko."

"Talaga?"

Hindi na sumagot si Taguro. At sa halip ay mas tinitigan niya ako. Sa paraang para bang pinag-aaralan niya ang bawat anggulo ng aking mukha. Sa paraang para bang may sinasabi siya sa isip na ayaw ipaalam sa akin.

Hinawakan niya ang magkabilang pisngi ko. Lalong pumulupot ang mga braso ko sa kaniyang baywang. Gamit ang dalawang hinlalaki ay hinaplos niya ang mga kilay ko, ang mga mata, pababa sa ilong at natapos sa labi. Tumitig siya sa labi ko kaya lalo akong napangiti.

"Aaminin kong na-in love ako sa halik mo," mahinang sambit niya at muling nagtama ang paningin namin. **"'Yong unang beses na hinalikan mo 'ko sa Palawan, hindi nawala ang pakiramdam na 'yon sa labi ko,"** dagdag niya, napalunok ako. May kung anong bumabagabag sa 'kin, sa dibdib ko. **"Pero noon pa man siguro ay mahal na kita. At gaya mo ay hindi ko lang maamin sa sarili ko."** ngumiti siya at muling iginala ang mga daliri niya sa mukha ko na animong pinag-aaralan pa lalo 'yon. **"Kahit na iba ang laman ng isip ko, ikaw ang parating hinahanap ng mga mata ko. Nang unang beses kitang makita, para akong nakakita ng artista. 'Yong paraan mo ng pagtingin sa 'kin ay parang pinapasok ang aking kaluluwa. Naiilang ako pero nilalabanan ko. Gusto ko kasing makita ang lahat ng reaksiyon mo habang nasa akin ang paningin mo."**

"Mahal na mahal kita, Taguro," nakangiting tugon ko.

Ngumiti rin siya. **"Iba 'yong pakiramdam ko sa t'wing titingin ka sa 'kin. Napapangiti ako kahit ayaw ko. T'wing papasok ka sa isip ko, napapangisi ako kasabay ng pag-iling. Pero kapag nagsalita ka na sa harap ko,"** bahagya siyang tumawa. **"Natatawa na ako. Lahat ng reaksiyon ng mukha mo ay gustong gusto ko, Sensui,"** tumatangu-tangong aniya pa.

"Mahal na mahal kita, Taguro," tugon ko. Mas napangiti pa siya. **"Mahal kita kahit ikinahihiya ko 'yong pagiging mahina ko. Dahil imbes na ako ay ikaw ang gumagawa sa papel ko bilang boyfriend mo. Ilang beses ko nang sinabi 'yan, nakakahiya nang ulit-ulitin."**

Umiling siya. **"Sa gulo ka lang mahina. Malakas ka na sa lahat ng bagay. Hindi ako mapakali kapag nag-iisa ka. Pakiramdam ko kasi ay unti-unti akong sinusunog sa pag-aalala kapag gano'n. Mas gusto kong ako ang nakagagawa ng paraan para manatili kang ligtas. Kaysa pareho tayong malakas. Mas gusto ko 'yong ganiyan na mahina ka sa bagay na malakas ako."**

Ngumuso ako. **"Bakit?"**

Bumuntong-hininga siya at hinawakan ang dalawang tainga ko. **"Dahil natatakot akong maging malakas ka."** Mabilis na nangilid ang mga luha niya at ikinabigla ko 'yon. **"Mas gusto ko 'yong ganiyan na mahina ka, Sensui. 'Yong maski iwan ako ay hindi mo kakayanin."**

"Mahal na mahal kita, Taguro, at wala talaga akong lakas para gawin 'yon."

"Alam ko," mayabang na tugon niya. Ipinilig ang ulo saka muling tumingin sa 'kin. **"Mahal ko ang mga kahinaan mo. Hindi iyon kailanman nakabawas sa pagmamahal ko sa 'yo. Ang totoo ay mas dumagdag pa nga. Mahal ko ang lahat sa 'yo, maski ang mga pagkakamali mo."**

Pakiramdam ko ay ilang beses na pinisil ng mga salitang iyon ang puso ko. Lalong bumubuhos ang nararamdaman ko nang dahil sa sinabi niya. At hindi ko inakalang may mas ilalala pa pala ang nararamdaman ko.

"Mas lalo pa yata kitang minamahal, Taguro," mahinang tugon ko habang nakatingin sa mga mata niya. Dahan dahang bumaba ang tingin niya papunta sa ilong ko, pababa muli sa labi ko. Agad ay kinabahan uli ako. Lalo na nang kumilos siya papalapit sa 'kin at akmang hahalikan ako. **"Babe..."** Kinalas ko ang pagkakahawak naming dalawa at umatras papalayo. *Damn it!*

Kinabahan ako nang makita ang pagbabago sa hitsura niya. Halatang hindi niya inaasahan ang naging kilos ko. Ang kaninang kislap sa mga mata niya ay nawala sa isang iglap. 'Ayun na naman sa harap ko ang walang emosyong ekspresyon ni Taguro.

"Magsesepilyo muna ako," halos mautal nang sabi ko. Napamaang siya. **"Nahihiya ako, babe. Baka mabaho na ang hininga ko,"** pinaupo

ko siya sa kama. **"Magpahinga ka na muna."**

Nasapo ko ang noo nang makapasok sa restroom. Dahan dahan na namang umakyat ang init ng ulo ko at pakiramdam ko ay sasabog ang utak ko.

Bullshit, now I'm at stake!

Nasabunutan ko ang sarili kong ulo at namumula sa galit na pumadyak sa sahig.

Tinanggihan ko ang halik ni Taguro. Bibihira niyang gawin 'yon nang hindi mo iniuutos, Deib. Ano na lang ang iisipin niya? Damn it!

Nagmadali akong lumapit sa lababo at nagsepilyo. Habang pinapanood ko ang pagtulo ng mga bula mula sa bibig ko pakiramdam ko ay nililinis niyon ang mga pagkakamali ko.

Hinalikan ako ng babaeng kilala ako pero hindi ko kilala. Paano ko ipaliliwanag 'yon sa babaeng mahal ko? Natatakot ako sa 'yo, Taguro. Ayaw kong magalit ka sa 'kin.

Alam kong hindi niya maiitindihan kapag sinabi ko sa kaniya. Lalo pa at umamin siyang pinagseselosan niya ang babaeng 'yon nang makita niya kaming nag-uusap. Kinakabahan ako. Natatakot ako para sa idudulot niyon sa relasiyon namin.

Nandidiri ako sa babaeng 'yon. Halatang may edad siya kompara sa akin. At kung sakali mang magkaedad kami ay nasisiguro kong hindi ko siya magugustuhan.

Tatlong beses akong nagsepilyo at dalawang beses nag-mouthwash. Nang makabalik ako ay nasa veranda na si Taguro at magkakrus ang mga braso.

Bumuntong-hininga ako bago tuluyang lumapit sa kaniya. Yumakap ako mula sa likuran niya at ipinatong ang noo ko sa balikat niya. Gusto ko siyang yakapin nang mas mahigipit pa sa mahigpit. Pero sa higpit ng yakap ko ngayon ay ramdam ko na ang mga buto niya. Masasaktan na siya kapag mas humigit pa ro'n ang ginawa ko.

"Babe," pagtawag ko.

"Mm?" batid kong blangko na naman ang hitsura niya. Iyong nakagawian na niya, walang pakialam.

"Sorry."

"Saan?" walang kaemo-emosiyong tanong niya.

Agad akong nilamon ng kaba. Nag-uunahan ang kabog sa puso ko at pinahihirapan akong huminga. *Sasabihin ko ba sa kaniya? Tsk. Hindi ko kaya. Ayaw kong magalit siya.*

"Sorry kung tinanggihan ko 'yong halik mo."

"Ayos lang."

"I'm sorry, babe."

"Ayos lang talaga." Kumalas siya sa yakap ko. Hinarap niya ako at hinaplos sa pisngi. Inayos niya ang buhok ko. Lahat 'yon ay ginawa niya nang walang emosyon. Ngunit nang ngumiti siya ay natameme na naman ako. **"Mauuna na ako, may lakad pa ako bukas."**

"Taguro?" pigil ko.

"Mm?"

"Ang sabi mo ay pag-iisipan mo?" umaasang sabi ko. Nangunot ang niya na para bang hindi ako naintindihan. **"Gusto kong dito ka matulog."**

"Ah," tumango siya. **"Napagdesisyunan kong umuwi na lang,"** lumamig ang tono ng pananalita niya. Mahirap talaga siyang basahin.

"Taguro naman, eh." Nakanguso akong naglambing. **"Galit ka sa 'kin."**

"Hindi."

"Galit ka."

"Hindi talaga."

"I can feel it, babe." Malungkot akong tumitig sa kaniya. **"I'm sorry."**

"I'm not. I'm fine. Sige na, mauuna na ako. Pagod ka, kailangan mong magpahinga." Mabilis siyang naglakad papalayo. Hinablot niya ang pouch na nasa kama at humarap lang muli sa 'kin nang malapit na sa pinto. **"Magta-taxi na lang ako pauwi. Tatawagan kita kapag nasa bahay na ako—"**

"Babe," nagmadali ako papalapit. **"Please?"**

"Hindi na. Madala ka na ro'n sa nangyari no'ng huli." Pilit na ang ngiti niya. Natigilan ako. **"Mauuna na ako. Magkita na lang uli tayo sa susunod. Hindi ko alam kung kailan."** Matapos no'n ay lumabas na siya.

Damn it!

Ilang segundo pa akong nag-isip bago humabol sa kaniya. Bago siya tuluyang makahakbang pababa ng hagdan ay hinila ko na ang kamay niya. Hindi niya inaasahan nang bigla ay halikan ko siya. Ngunit dahil siya si Taguro ay nagawa niyang kumawala kahit anong pigil ko. Gulat siyang tumingin sa mga mata ko pero hindi ko na iyon pinatagal pa. Hinawakan ko ang batok niya at saka muling siniil ng halik ang labi niya.

Pareho kaming naghabol ng hininga nang bitiwan ko ang labi niya. Magkadikit pa rin ang pareho naming mga noo. Nang imulat ko ang mga

mata ko ay deretso na siyang nakatingin sa 'kin. At halos huminto ako sa paghinga nang makita ang nangingilid niyang mga luha.

"Babe..." Hindi ko malaman kung saan siya hahawakan. Kung sa pisngi, sa kamay o sa baywang. Natuliro ako. **"Why are you crying? Please don't cry,"** hindi ko na rin alam kung ano ang sasabihin. **"Let's go back inside, please."** Nag-iwas siya ng tingin at umiling. **"Babe, please?"**

"I'm going home," pinatigas niya ang tinig. Pero nang kumibot-kibot ang kaniyang labi ay nanghina ako.

Ilang beses ko na siyang nakitang umiyak pero ngayon ko lang siya nakitang ganito. Kung noon ay maangas ultimong pag-iyak niya, ngayon ay hindi na. Isa na siya ron sa mga babaeng mukhang mahina kapag umiiyak. Nagpipigil ng luha habang kumikibot ang mga labi.

Napayakap ako sa kaniya, hinawakan ko ang ulo niya't hinaplos siya sa buhok. **"Please don't cry, babe,"** nag-aalalang bulong ko.

Umiling siya nang umiling. **"Uuwi na ako,"** pumiyok siya.

Hinarap ko siya. **"What did I do?"**

Gano'n kabilis na nawala ang emosyon sa kaniyang mukha. 'Ayun na naman 'yong pagiging blanko niya. **"Hindi ko alam,"**malamig niyang sinabi. **"Ano nga ba ang ginawa mo?"**

Natigilan ako. **"Taguro."**

Nawala sa katauhan niya ang babaeng mukhang mahina kapag umiiyak. Bumalik ang dating Taguro na walang emosyon at blangko ang mukha. Deretsong nakatitig sa 'kin na animong nakatingin sa isang walang-kwentang bagay.

Alam ko ang pagkakamali ko, pero wala akong sinasabi sa kaniya para makaramdam siya ng ganito. Paanong nagkaganito siya bigla?

Gano'n ba talaga kalakas ang pakiramdam niya? O masiyado lang talaga akong halata na may nagawa akong masama?

OceanofPDF.com

CHAPTER 172

CHAPTER 172

MAX'S POV

Hindi ko maintindihan ang sarili ko. Nababagabag ako. Iba ang paraan ng pagtingin sa 'kin ngayon ni Sensui. At alam kong may hindi siya sinasabi sa 'kin. Kakaiba na ang ikinilos niya magmula nang magpunta siya sa restroom nang nasa hotel kami. Kapani-panibago ang pananahimik at pagkakakunot ng kaniyang noo. At sa unang pagkakataon ay tinanggihan niya ang halik ko.

"Babe, please, stop crying," pakiusap niya. Hindi ko siya pinakinggan, malalim ang inisiip ko. Ako man ay matindi ang pagpipigil sa luha ngunit nagkukusa iyon sa pangingilid.

May ginawa sigurong kalokohan 'to. Iba talaga ang pakiramdam ko, at madalang magkamali ang mga kutob ko. *Bukod do'n ay parang may lipstick siya sa labi.* Napansin ko kanina ang kakaibang pamumula ng kaniyang labi. Malayo iyon sa natural. Wala rin sa mga kinain namin ang posibleng maging dahilan para mamula ang kaniyang bibig.

"Babe," niyakap niya ako sa baywang.

Gusto ko nang umuwi. Ayaw ko siyang makita. Naiinis ako sa mukha niya.

Pakiramdam ko ay ang haba-haba na ng nguso ko at ang pangit-pangit ko na, bagay na ayaw na ayaw kong mangyari kapag nasa harap ko siya. Ayaw kong makikita niyang pangit ako o kung ano mang pintas na pwede niyang sabihin sa 'kin.

Nawawala ang angas mo, Maxpein.

Huminga ako nang malalim at pilit na nilabanan ang emosyon ko. Sinikap kong magmukhang natural ang aking ngiti. **"I'll go ahead. I'm alright. I love you,"** hinalikan ko siya sa pisngi.

Hindi niya binitiwan ang kamay ko. **"I really want you to stay, babe."**

"Gusto ko rin naman," nag-iwas ako ng tingin.

"Then why are you leaving? Please stay for tonight."

Napabuntong-hininga ako. **"Dahil hindi ko nagustuhan ang sinabi sa 'kin ng Chairman ninyo. Ayoko nang maulit 'yon."** Bagaman hindi iyon ang tunay kong dahilan ay isa na rin 'yon. **"Ihatid mo na lang ako labas."**

"I'll take you home."

"Hanggang sa labas," pagmamatigas ko.

Lalo siyang nanlumo. Ang matamlay niyang mukha ay lumala. Ang mga balikat niya ay bumagsak. Natural na reaksyon niya 'yon at hindi ko 'yon matagalang makita.

Pinilit kong ngumiti saka nag-iwas ng tingin. **"Hinihintay na rin siguro ako nina Naih,"** hiniling kong sana ay hindi niya mahalatang nagdadahilan na lang ako. **"Maaga rin kaming aalis ni Heurt bukas."**

"Alright. Please wait for me downstairs," malamig na ang tono niya. Hindi niya na rin ako sinulyapan, agad niya akong tinalikuran. Doon ko lalo gustong maiyak.

*Ayaw niya na nga pala na paulit-ulit siyang tinatanggihan.*Nanlulumo akong napangiti saka bumuga nang malalim na hangin. Ang bigat-bigat ng dibdib ko. At maging ako ay hindi maintindihan ang aking sarili. *What's wrong with me?*

Bumaba ako at agad naman akong sinalubong ni Manang, wala na ang ibang tao.

"Manang, uuwi na ho ako," nakangiting paalam ko.

"Napakaaga naman? Hindi ka ba ihahatid ng nobyo mo, hija? Aba'y nasaan na ba ang batang iyon?"

"Ayos lang ho," nakangiti ko siyang hinawakan sa braso. **"Kayo na lang ho ang magsabi kina Mr. and Mrs. Enrile. Sa susunod ho ulit, salamat."**

Sumubok pang magsalita si manang pero tinalikuran ko na siya. Nagmadali akong umalis. Sobrang bilis. Hindi naging hadlang ang ilang metrong pagitan ng bahay nila sa gate ng village. Masiyado nga yata talaga akong mayabang dahil ultimong hakbang ko ay nakakabilib. Mabilis at malalaki ang agwat. Daig ko pa ang nakikipag-marathon sa lakaran.

Agad akong pumara ng jeep. At nang makasakay ay doon ko lang naalala na naiwan ko ang mga pinamili ko sa kanila. Pero sa halip na mainis ay agad kong naalala ang kakaibang pamumula ng labi ni Sensui. Ang pag-iwas niya sa halik ko. At maging ang kakaibang pakikitungo niya. Nanlulumo ako, napapraning, kung ano-ano ang bumabagabag sa akin.

Sana ay wala kang ginagawang kalokohan. At kung meron man, pagsisihan mo na ngayon pa lang. Dahil hindi ko alam kung ano ang gagawin ko kapag sinabi mo sa akin na hindi na ako ang gusto mo. 'Wag mong gagawin 'yon, Sensui.

Ramdam ko ang pagkakakunot ng aking noo. At hindi ko man makita ang mukha ko ay batid ko kung gaano iyon kalungkot. Apektado talaga ako. At wala akong ibang maisip kung hindi siya.

Bumuntong-hininga ako at basta na lang nag-abot ng barya. **"Bayad, oh."**

Maganda ang ngiti ng may edad nang lalaki sa harapan ko nang kunin iyon. Pasasalamatan ko pa sana siya nang hindi ko magustuhan ang haplos niya nang abutin ang bayad ko.

"Oh, bayad nang napakagandang binibini,"nakangising anito saka muling nilingn ako.

"Aba'y maganda nga, ano?" hindi ko inaasahang magsasalita ang nasa harapan ko, at siyang nasa kabilang parte ng dyip. **"Napakasarap mong titigan,"** malaswa nitong sinabi at halos silipin ang pagitan ng bawat hita ko. Bahagya pang lumiyad ang loko upang ipakita sa akin ang kaniyang katawan.

Kunot-noo akong bumuntong-hininga at sinuyod ang kabuuan ng dyip. Doon ko lang napagtanto na puro lalaki ang kasabay ko. Anim na lalaki. At napaggigitnaan nila ako.

Ang tatlo ay nasa estribo. Ang dalawa ay nasa tabi ko. Ang isa naman ay nasa harapan ko. Pawang malalaki ang katawan, at mukhang may anak na kaedad ko lang.

"Kay bango-bango mo," anang nag-abot sa bayad ko. **"Siguro ay maalaga ka sa iyong balat at katawan?"** sa sobrang laswa ng kaniyang pananalita ay umabot sa 'kin ang hininga niyang amoy alak.

"Hindi ka na dapat nag-iisa kapag ganitong malalim na ang gabi," nakangising anang nasa kabilang banda.

Sa halip na pansinin sila ay nag-iwas ako ng tingin. Pero ang malakas na kabog sa dibdib ko ay mahirap nang pigilin. Tuloy ay nagulat ako nang bigla ay mag-vibrate ang cellphone ko. Aligaga ko iyong kinuha at nakahinga nang maluwang matapos makita ang pangalan ni Sensui.

"Taguro, bakit ka umalis?" agad na singhal niya. **"Where are you?"**

"Nasa jeep," halos pumiyok ako sa sobrang kaba.

"What?" asik niya.

"Para!" sabi ko nang matanawan ko ang village namin. Ngunit gano'n na lang ang gulat ko nang hindi huminto ang driver. **"Para ho sa tabi!"** sigaw ko. Ngunit sa halip na sumunod ay natanawan ko pa ang nakakalokong ngisi ng driver.

"Taguro?"

Gusto ko pa sana siyang sagutin ngunit ang lalaki sa harap ko ay tila gumagapang nang papalapit sa akin. Nakangisi at nakapandidiri ang hitsura. **"Babe..,"** bulong ko.

"What, Taguro?" galit si Sensui.

Damn it! Nilalamon ako ng kaba at hindi makapag-isip nang tama. Sa sandaling iyon ay gusto kong sisihin ang pagiging emosyonal kanina lang.

"Sino ba iyang tumatawag sa 'yo?" nakakaloko ang ngiti ng lalaking papalapit sa akin. **"Hindi mo ba maaaring ibaba muna 'yan at kami na muna ang kausapin mo?"**

"Who's that?" nag-iba agad ang tono ni Sensui. Ang kaninang inis ay napalitan na ng pag-aalala. **"Taguro? Who's with you? Babe?"**

"Manong, para na sa tabi," muling sigaw ko. Pakiramdam ko ay noon lang ako pumiyok. Para bang kinakain ko ang sarili kong salita. At lahat nang iyon ay dahil sa kaba.

Nakita ko pa nang mag-abot ng barya ang driver. Kinuha iyon niyong nasa harapan ko at pilit na iniaabot sa akin. Hindi ko tinanggap. **"Hayan ang sukli mo,"** anang driver. Eksakto ang ibinayad ko kaya nasisiguro kong iba na ito. **"Huwag mo na kaming bayaran."** Mula sa salamin ay natanawan ko ang mapupula niyang mata.

King inang 'yan, malas!

"Where are you?" mariin na ang nag-aalalang tinig ni Sensui. Batid kong panay ang salita niya pero ang lutang kong pag-iisip ay hindi siya matutukan. **"Maxpein!"**

"Puro lalaki sa jeep, babe," kinakain ko na ang bawat salita ko.

"What?"

"Natatakot ako, Deib—"

"Akin na nga iyan!" hinablot nang nasa likuran ang cellphone ko at hindi ko agad ito magawang lingunin sa sobrang kaba. Ang mga mata ko ay alisto sa mga nasa harapan ko.

"Give it back," pakiusap ko. Lumingon ako nang maramdaman ko ang kanilang paglapit. Lalo akong kinabahan.

Malalaki ang mga katawan nila, doble ng timbang ni Choco. Batid kong hindi ko kakayanin ang mga ito kahit mag-amok ako. Mabilis ang andar ng jeep. Madilim ang lugar. At sa sandaling iyon ay gusto ko na ring sisihin ang aking damit!

"What are you doing?" nagbabanta man ang tinig ay nabigo akong magpakita ng lakas nang magsimula silang gumapang papalapit pa sa akin.

"Magiging madali lang ito, binibini."

"'Wag kang lumapit sa 'kin!"

"Napakaganda ng balat mo."

"'Wag ka sinabing lumapit sa 'kin!" agad kong sinipa ang isa dahilan para humampas ito pabalik sa kinauupuan.

Ngunit halos mawalan ako ng balanse nang bigla ay kumambyo paliko ang nagmamaneho. At hindi pa man ako nakakabawi ay prumeno naman ito dahilan para halos maisubsob ko ang aking sarili sa mga lalaking iyon. Pagmulat ko ay halos hindi ko na sila makita dahil sa sobrang dilim!

Damn it!

Hinawakan ko nang maigi ang pouch ko at umastang lalabas na ng jeep. Ngunit nahuli ako ng isa. **"Bitiwan mo ko!"** sinubukan ko itong sipain ngunit nakailag. Mabilis nitong hinuli ang braso ko at nang pumalag ako ay agad akong hinawakan ng isa pa. **"Bitiwan ninyo 'ko!"** *Shit!*

"Buhatin 'yan!" sigaw ng isa pa. Gusto kong maiyak, wala na akong makita dahil sa sobrang dilim.

Tulong-tulong nila akong hinawakan at binuhat pababa ng jeep. At kahit anong kawag ko ay hindi ko talaga kaya ang lakas nila. Bumabaon ang mga kuko nila sa akin dahil sa sobrang higpit nang pagkakakapit.

Agad kong tinanaw ang high way, malayo iyon sa gawi ko. At iilan na lang ang sasakyang dumaraan. Ang tanging liwanag ay mula sa malabong ilaw ng dyip.

"Kahit sumigaw ka rito ay walang makaririnig sa 'yo," anang driver.

Ang bilis-bilis ng tibok ng puso ko at nandidiri ako sa bawat haplos nila sa balat ko. Nanginginig ang mga kamay ko at parang may mga kung anu-anong maliliit na bagay na tumutusok sa anit ko. Gusto kong manlaban, kaya kong manlaban. Ngunit ang bawat hawak nila sa iba't ibang parte ng katawan ko ay pinanghihina ako ako.

Lumapit ang isa sa 'kin, awtomatiko akong napaatras ngunit halos matalisod ako. At sa sandaling iyon ay alam

"Manahimik ka!" singhal niya. At sa inis ay mas hinawak-hawakan niya pa ang binti at hita ko dahilan para magkandalon-talon ako sa pag-iwas. Ngunit sa t'wing magkakaganoon ay may isa sa likuran o gilid ko na gagawa rin ng kabastusan. Hahawakan ako sa kung saang parte ng katawan ko. At panay dibdib lang ang aking napoprotektahan.

"Bitiwan mo sabi ako!" sigaw ko saka inagaw ang braso ko.

Nang mabitiwan ako nito at maaninag ang isa pang papasugod ay agad akong yumuko upang unahan ito ng suntok sa tiyan. Nagtagumpay ako. Ngunit nang muling sumubok ay nabigo na. Nakailag ito at nahuli ang braso ko. Muling sumugod ang isa pa at hinawakan ang kabila ko pang braso dahilan para mabihag ako.

"'Wag ninyo akong hawakan!" nagbabanta ang tinig ko bagaman gano'n na lang katindi ang panginginig ng tuhod ko. Marahas nila akong itinapon sa lupa, agad na humapdi ang mga palad ko.

"Gapang!" natatawang utos ng isa. **"Gumapang ka at gagapangin din kita!"** Nagtawanan sila.

Napaatras ako. **"'Wag kayong lumapit!"** Hinahanap ko ang sarili kong lakas. At nagwawala ang dibdib ko sa katotohanang hindi ko iyon mahagilap.

"Napakasarap mong titigan sa posisyon na 'yan!" tila naglalaway na anang isa.

Hindi pa man ako nakalalayo sa kanila ay naramdaman ko na ang isa pa sa likuran. *Damn it!* Kakila-kilabot ang paraan nito nang pagkakangisi at masamang tingin. Hinawakan ako nito sa magkabilang braso at sapilitang itinayo.

"Ano ba!" pumalag ako nang maramdaman ang kamay nito sa dibdib ko.

"Napakasarap ng pakiramdam!" umungol pa ito sa tila nababaliw na paraan.

Damn it! Damn it! Damn it! Nangilid ang mga luha ko sa galit. Galit sa sarili kong kahinaan sa sandaling iyon. Hindi ako makapaniwalang ipapahamak ko nang ganito ang sarili ko! Ngunit ano ang magagawa ko gayong ang bawat dampi ng balat ng mga demonyong ito sa balat ko ay nanghihina ako?

Lumapit ang dalawa sa 'kin. Muli akong napaatras. Umaasa akong sa pag-atras ay mararating ko ang high way. At doon ay ako magkakaroon ng pagkakataong makalayo sa kanila. Ngunit naghiwalay ang dalawang iyon

na nasa harap ko at pumunta sa likuran ko. Nagpalinga-linga ako sa harapan, tagiliran at likuran dahil nakapalibot na silang anim.

Nagpatuloy ako sa pag-atras. Para silang mga leon na sabik sa laman, naglalaway habang naghahanap ng pagkakataong sumugod.

Napasinghap ako nang bigla ay humawak sa magkabila kong braso mula sa likuran. Agad akong pumadyak at nagkakakawag. **"Bitiwan ninyo 'ko!"**

"Napakaarte mo naman, miss?" lango sa alak na anito saka humalakhak. **"Magsusuot ka nang ganiyan tapos kakaunting pambabastos ay hindi puwede sa 'yo? Hindi ka naman yata patas sa mundo? Hindi masamang tumikim ng karne, iyon ang alam ko—"** Sinipa ko siya sa mukha bago pa niya matapos ang sasabihin. Gano'n na lang katindi ang galit na makikita sa kaniyang mga mata nang tapunan ako ng tingin.

"Bitiwan mo 'ko!" binalya ko ito upang mabawi ang braso ko saka sinampal ang isa pang may hawak sa 'kin.**"Subukan ninyong lumapit!"** banta ko.

Humarap silang lahat sa 'kin na parang takam na takam na aso. Nakakadiri ang mga ngisi at nakakapangilabot ang mga titig. Humahalakhak na sumugod ang isa, pigil ko ang sigaw nang umiwas! Agad ko itong sinipa saka nagtatakbo palayo.

"Saan ang punta mo?" nagawa akong habulin ng isa. Hinila niya ako sa buhok, at talaga namang napakasakit niyon, saka ako nito iniitsa sa lupa. Sandaling nayanig ang mundo ko sa hilo.

"Tayo!" sigaw nito. Nang hindi ako sumunod ay muli ako nitong hinablot sa braso at walang ano-ano'y sinampal. Hindi pa ito doon nakontento, halos mapaduwal ako matapos ako nitong suntukin sa tiyan.

Napaluhod ako at walang nagawa kundi manlaki ang mga mata. Hindi ako makapaniwala sa nangyayari ngayon. *Maxpein, what's going on with you?* Pakiramdam ko ay ibang kaluluwa ang nasa katawan ko, at hindi ko ito makilala.

Muli akong hinila ng isa, pilit itinatayo pero ang timbang ko ay lalo akong iniyuyuko. Agad akong nanghina at talagang nakakapanibago iyon. **"Tama na,"** nanghihinang pakiusap ko.

Ngunit ang walang-awang lalaki ay sinabunutan ako at marahas na hinila papalapit. **"Walang makaririnig sa iyo rito! Kahit isigaw mo pa ang pag-ungol mo!"** Saka sila nababaliw na nagsipaghalakhakan.

"Ah!" palahaw ko matapos hilahin nito ang buhok ko upang mapatingala ako lalo.

"Oh..." anas ng manyak na driver. **"Napakasarp mo sa pandinig!"** dinila-dilaan niya ang labi na para bang sabik na sabik. Napapapikit ako sa takot.

Hindi ka pwedeng magpakita ng takot ngayon dito, Maxpein. Kakayanin mo sila. Kakayanin mo sila.

Noon lang ako nakaharap ng mga ganoong uri ng tao. Kung hindi sila ganito karami ay posibleng makalaban ako, bagaman hindi iyon magiging madali. Hindi ganitong sa t'wing iilag ako ay ibang kamay ang humahawak sa akin. Para akong sako na pinagpapasa-pasahan sa t'wing aatras. Bawat parte ng katawan kong mahawakan nila ay tila napapaso sa pandidiri. Ang kaba sa dibdib ko ay hindi humuhupa. Patuloy rin sa pangangatog ang mga tuhod ko.

Kaya kong lumaban pero hindi sa ganitong klase ng damit! Damn it!

Gusto kong magsisi kung bakit ito pa ang isinuot ko. Gusto kong magsisi dahil nag-inarte pa ako imbes na magpahatid na lang kay Sensui.

Damn it!

Nangilid ang mga luha ko sa inis. Nagagawa ko ngang sumuntok pero bitin ang pwersa no'n. Hindi ako komportableng sumipa at manadyak. Kung gagawin ko iyon ay masisilipan ako. Lalo ko lang tatakamin ang mga mata at pagnanasa nila.

Iginala ko ang mga mata ko. Pilit akong naghanap ng bagay na pwede kong magamit laban sa mga ito. Pero agad akong nanlumo nang wala akong mamataan kung hindi maliliit na hibla ng mga damo.

Nagsisimula na naman silang lumapit sa 'kin, marahan at sa nakakapandiring paraan. **"Isa-isa lang,"** sinikap kong huwag ipakita ang kaba.

Pare-pareho silang natigilan. **"Papayag ka?"** anang driver. Naghalakhakan sila, nagtiim ang bagang ko. **"Animal na 'to, papayag din pala, nanipa at nambitin pa? Malakas kang sumipa, binibini—"**

"Gago," pigil ko pambabastos nito. **"Isa-isang lapit para hindi masiyadong masakit,"** nakangising dagdag ko.

Napangisi ito. **"Matapang ka, ah?"** tatango-tangong aniya saka nagsimulang humakbang. **"Tingnan natin ang tapang mo!"**

Hugot ko ang hininga nang maghanda sa pagsugod nito. Agad akong yumuko at sinipa ang mukha nito! Tumimbawang ito sa lupa.

Mabilis na sumugod ang dalawa pa. Umilag ako at lumusot sa pagitan nila. Ngunit gano'n kabilis nakakilos ang tatlong natitira pa dahil sabay-sabay silang umatake papunta sa akin. Halos mapatalon ako sa pag-iwas. Panay ang sipa, tadyak at suntok ko ngunit wala akong matamaan sinuman sa kanila!

Damn it! Hindi ako makapaniwalang nakainom na nga ang mga ito, nagagawa pang isahan ang mga galaw ko. Napatitig ako pareho kong palad saka nag-angat ng tingin sa mga ito. Dahan-dahang kumuyom ang mga iyon at nang sumugod ang isa ay malakas na suntok ang inabot niyon. Gulat man ay hindi nagdalawang-isip na sumunggab ang isa pa ngunit bago pa siya makahawak ay sinipa ko na ang mukha niya. Ang isa pa pinatid ko saka siniko sa mismong mukha.

Agad akong bumangon at susugurin na sana ang isa pa nang bigla akong mahinto. **"Sige, subukan mo,"**nagbabantang bulong ng driver sa likuran ko. **"Iba ka rin, ah? Subukan mong tumakbo, itatarak ko sa iyo ito."** Ibinulong niya iyon sa mismong tainga ko, dahilan para maestatwa ako, maging ang umiwas sa labi niya ay hindi ko nagawa.

Niyakap ako ng driver mula sa likuran, isinangga ang braso niya sa magkabilang balikat ko. Nalalanghap ko ang mabaho at mabilis niyang paghinga. Ang hita niya ay nasa pagitan ng mga hita ko. Ramdam ko ang pagdiin niya ng matulis na bagay sa aking likuran. Umaangat ang dibdib ko sa sobrang kaba. Hindi lalo ako nakakilos.

"Malakas ang loob mo," pinagapang niya ang patalim sa pisngi ko. Nag-igting ang bagang ko. **"Lalo mo akong inaakit, binibini."**

Iika-ikang lumapit ang isa sa harapan ko. Kunot-noo akong napapikit nang magsimula itong haplusin ang hita ko. *King ina!* Kabado man ay hindi ko iyon natagalan! Nasipa ko ang animal at pilit akong nanlaban!

"Tarantada!" singhal ng driver nang muntik akong makakawala sa kaniya. Hinablot niya ako sa buhok at saka tinutukan sa leeg. **"Gusto mo nang mamatay, ha?"**

"Nakikiusap ako," nakapikit na pakiusap ko. **"Parang awa ninyo na, 'wag,"** mariin kong dagdag.

"Napakadaya mo naman?" nalulungkot kunyaring anang driver. **"Kaylambot nitong balat mo, pagbigyan mo na kami."** Nandiri ako nang dumampi ang mainit nitong hininga sa tainga ko. Muli ay napaungol ito matapos haplusin ang pisngi ko. Napaiwas ako at muling nagpumiglas.

"Bitiwan mo 'ko!" mariing asik ko.

Bumilis ang paghinga nito. **"Sabihin mo pa, pakiusap,"**nagpatuloy siya sa pag-ungol at ang mas nakakapandiri pa ay ikiniskis niya ang sarili sa likuran ko. Naramdaman ko sa likuran ang isa pang matigas na bagay. At batid kong hindi na patalim iyon.

Shit! **"Ano ba!"** sigaw ko saka pumadyak upang tapakan ang paa nito. Buong pwersa ko siyang siniko, umaasang luluwag ang pagkakayakap nito sa akin. Ngunit sa halip ay lalong humigpit ang kapit nito. At mas ikiniskis pa ang katawan sa akin.

Sensui... Napapikit ako sa pandidiri at galit ngunit wala pa ring magawa. Naiiyak ako dahil sa kawalang magawa. Pakiramdam ko ay wala na akong kawala sa mga ito. *Pakiusap, Maxpein, 'wag kang magpadala sa emosyon. Kaya mo ang mga ito.*

Pilit kong inalis ang braso nito ngunit agad na lumapit ang isa upang pigilan ako. Ang isa pa hinablot ako at bigla na lang sinampal. Agad akong hinawakan sa braso ng dalawa at ang dalawa pa ay pigil na ang pareho kong paa. Lumapit ang driver at hinawakan ako mula sa braso pagapang sa aking kili-kili.

"Huwag!" sigaw ko nang maramdaman ang kamay nito papunta sa bungad ng dibdib ko.

Napaungol ang driver na siya lalong ikinagalit ko. Nanlaban ako ngunit naubos lang ang lakas. **"Sigaw pa, binibini! Sigaw pa!"**

"Gustong gusto ko ang boses mo," anang nasa kanan.**"Ang hininga mo ay napakabilis...napakasarap..,"** nababaliw nitong sambit.

Napapikit ako nang maramdaman ko ang salu-salo nilang mga kamay sa iba't ibang parte ng balat ko. Nagkukumawala ako at naiiyak na sa pwersang inilalabas ko. Ayaw ko nito. Hindi ko 'to gusto. Kaya kong lumaban pero napakarami nila. Ang lalaki ng mga katawan at malalaman pa.

Ikinakawag ko ang mga paa ko at malakas na iniiiling ang ulo ko. Pilit akong nanlalaban sa mga halik na pilit nilang iginagawad sa 'kin.

Sensui...please... Nag-unahan sa pagtulo ang mga luha ko. Nagkarambola sa pagkabog ang aking dibdib dahil sa matinding takot. Nawawalan ako ng pag-asa ngunit panay ang paghiling sa isip na sana ay dumating siya.

Hindi ko sila kaya... Naunang sumuko ang utak ko bagaman ang katawan ko ay kusang nanlalaban.

"Kaysarap ng amoy mo, kaysarap mo," hinalikan ng driver ang leeg ko dahilan upang dumalot ang galit sa bawat ugat ko.

"Bitiwan ninyo ako!" muling sigaw ko saka sinipa ang sinumang nasa harapan ko. Halos mabuhat ko ang timbang niyong may hawak sa akin. At kung hindi lang malaki ito ay nagtagumpay na sana akong maibato ito. Ngunit ang sumunod kong kilos ay hindi na natuloy, nang mapasigaw ako matapos may maramdamang tumusok sa tagiliran ko.

Batid kong hindi iyon malalim, ngunit hindi rin iyon isang daplis lang. Hindi na iyon bago sa 'kin pero nakakagulat pa rin. Sinikap kong maging alisto, saka muling sinipa ang isang iyon sa harapan ko. Napatimbawang ito ngunit agad ding nakabangon upang sugurin muli ako.

"Matibay ka, ah?" naghahamon ang tinig ng driver. At bago pa man ako nakasagot ay may sumipa na sa likuran ko dahilan para plumakda ako sa harap ng mga ito.

Dagli akong gumapang paatras, hindi inda ang hapdi sa mga palad at braso ko. Maging ang napupunit ko nang damit ay hindi ko na inintindi. Ang tanging nais ko ay makatakas, dahil sa sandaling iyon ay hindi ko malaman kung bakit hindi ko magawang manlaban. Patuloy akong gumapang papahiga, paatras nang paatras sa takot.

"Sige pa, gapang! Gapang!" tumatawang sigaw ng isa sa mga iyon. **"Gumapang ka at hahabulin ka nitong alaga ko!"**

Dumaloy ang luha sa galit kong mga mata. **"Please, tama na, parang awa ninyo na!"**

Pero naging mabilis na ang pagkilos nila. Pumunta sa likuran ko ang tatlo at halos daganan ako upang mapigilan. Hinawakan ako ng dalawa pa sa magkabilang binti. Kasabay niyon ay nagkani-kaniya silang himas sa iba't ibang parte ng hita ko at braso. Kahit anong sipa at tadyak ko ngayon ay wala nang magawa. Natigilan ako nang mapanood ko ang hayop na driver na bumalandra sa harap ko at maghubad.

Nakapikit akong sumipa nang sumipa, kahit anong pigil nila. Lalo pa akong nagkumawala kahit pa nakakapanghina.

Paulit-ulit akong sumigaw ngunit tawanan lang ang isinisigaw nila. Nang magmulat ako mga nakatunghay na ang karamihan sa akin. Para silang mga halimaw na sabik na sabik sa laman. Mapupula ang mga mata at nanlilisik pa. Nalanghap ko lalo ang nakakadiring amoy ng alak mula sa mababahong mga bibig nila.

"Isa-isa lang 'kamo, hindi ba? " nakangising hamon pa ng driver. **"P'wes, ako ang mauuna! Nakakapanggigil ka!"**

"Parang awa mo na, 'wag! 'Wag!"

"Pero gustong-gusto ka nitong alaga ko, oh?" ipinakita niya pa sa 'kin iyon!

Pilit kong iniiwas ang paningin ko. **"Nakakadiri ka!"**

"Sa una lang 'yan, pero kapag tumagal ay magugustuhan mo rin—"

"Huwag!" umiiyak nang sigaw ko. **"Parang awa niyo na,"** paulit-ulit, humahagulgol nang pakiusap ko. **"Natatakot na ako, please, 'wag..."**

"Magmakaawa ka habang niroromansa kita, binibini, mas gusto ko iyon—"

"Huwag..." Gusto ko nang humingi ng tawad sa sarili ko. Dahil bagaman kaya pa ng isip at kaluluwa ko, pagod na ang katawan ko. **"Please. Pakawalan na ninyo ako."**

Ngunit hindi ito nagpatinag. Lumuhod ito sa harapan ko sa kabila ng pagmamakaawa ko. Lalo akong sumigaw nang magsimula itong sumilip paibaba sa skirt ko. Muli akong nagkukumawag nang maramdaman ang kamay nitong dumadausdos paakyat sa hita ko.

"Huwag!" pinuno ng sigaw ko ang katahimikan ng lugar.

Kasunod niyon ay ang sunod-sunod at mahahaba na busina mula sa kung saan. Magkakasabay na liwanag ang lumapit sa 'min. Bigla ay umere ang maingay na sirena, pinuno ng kulay pula at asul na ilaw ang dilim. Naramdaman ko na ang tulong, alam kong ligtas na ako, pero ang naubos kong pag-asa ay hindi kayang buhatin ang katawan ko papalayo sa mga ito.

Napamura ang driver. **"Sino ang mga iyan?"**

"Tara na, p're, may mga parak!" anang isa pa, nabitiwan ako sa takot.

"Mga hayop kayo," hindi ko na halos maisigaw pa iyon. Umiiyak kong pinanood ang aligaga nilang pag-uunahang tumakbo.

"Deib..." usal ko. **"Deib!"** nanghihina kong sigaw. Mabilis na nanlabo ang mga mata ko, gusto kong mawalan na lang ng malay bigla.

Luhaan kong binuhat ang sarili, halos mapaluhod ako nang unang sumubok. Sinikap kong itayo ang sarili saka iika-ikang sinalubong ang sasakyan ni Sensui.

Nagmadali siyang bumaba upang takbuhin ako. **"What happened to you?"** sigaw niya. Galit. Nanggagalaiti. Naninisi. Iyon 'yong sigaw na gustong magwala. **"Tell me, what happened!"**

Napatitig ako sa kaniya at hindi nakapagsalita. Napailing ako saka yumuko. Umiiyak. Nagsisisi. Natatakot. Nanginginig. Umiling ako nang umiling, hindi ko nagawang tingnan muli siya sa mga mata. Nanghihina ako sa takot.

"What did you do to my girlfriend?" Hindi ko akalaing maaabutan pa rin ni Sensui ang driver ng jeep. Nagulat ako nang bumunot siya ng baril at tutukan ito. **"Anong ginawa mo sa girlfriend ko!"** paulit-ulit niyang minura ang mga ito.

"Deib..." natutulirong sambit ko. Patuloy sa pagluha ang mga mata ko pero hindi na umiiyak ang mukha ko. *Saan niya nakuha iyon? Paano siya natutong humawak niyon?* Iyon ang unang naisip ko.

"Papatayin kita," mariing banta ni Sensui.

"Deib," agap ko, hinawakan siya sa braso.

Galit siyang sumulyap sa 'kin. **"Get in the car,"**mahinahon ngunit maawtoridad niyang utos. Ngunit hindi ako matinag ng gulat ko, natuon ang paningin ko sa baril at saka muling tumingin sa mga mata niya. **"Get in the fucking car,"**pilit niyang itinatago ang nagkukumawalang galit.

Hindi ko malaman ang gagawin ko. Lalo akong kinakabahan sa ginagawa niya. *What are you planning to do?*Hindi ko maisatinig iyon.

"Hoy!" sigaw ni Sensui sa papalayo nang mga hayop.

"Deib, please, 'wag," hinabol ko ang braso niya. **"Please..."** Yumakap ako at tiningala siya.

Nagtiim ang bagang niya. **"I said get inside the car, Maxpein,"** nagpapasensya niyang wika. **"I'm running out of patience."**

"Magsitigil kayo!" sigaw ng pulis, mabilis na napalibutan ang mga lalaking dumakip sa akin. Lumapit ang hepe sa amin. **"Sir, siya ba ang girlfriend ninyo?"**

"Oo," mapaklang sagot ni Sensui.

Nag-angat ako ng tingin sa kaniya ngunit wala sa akin ang masama niyang tingin. Isinauli niya ang baril sa hepe. Sinipat ng hepe ang kabuuan ko, halatang gustong magtanong ngunit napipigil ng masamang hitsura ni Sensui.

"Salamat. Mauuna na kami," bigla ay kinuha ni Sensui ang kamay ko. Naramdaman ko ang diin nang pagkakahawak niya. **"Kayo na ang bahala dito."**

"Makakaasa kayo, sir," tugon ng pulis saka bumaling sa akin.

"Aray," nauutal kong sabi nang halos kaladkarin ako papalayo ni Sensui. **"Nasasaktan ako."**

Pahagis niyang binitiwan ang kamay ko nang iharap niya ako sa pinto ng kotse. Doon ay nasalubong ko ang nagtatangis niyang panga at nagliliyab sa galit niyang mga mata. **"Sino ang may sabi sa iyo na umalis ka sa**

bahay?" tiim-bagang niyang tanong. Hindi ako nakasagot. Ang isip ko ay sinisisi rin ako. **"Look at you,"** pinasadahan niya nang masamang tingin ang kabuuan ko. **"Get in."**

Nakayuko ko siyang tinalikuran. Nagsimulang tumulo ang mga luha ko. Hindi ko magawang humawak nang ayos sa pinto ng sasakyan. Hindi kapani-paniwala ang panginginig ko, ultimong labi ko ay nangangatal.

"Damn it, Maxpein!" gilalas ni Sensui saka isinara ang pinto upang yakapin ako. Napakahigpit ng yakap niya dahilan para lalo akong maluha. Isiniksik ko ang sarili sa dibdib niya. Hinaplos niya ang buhok ko. **"Kung may nangyari sa 'yo,sino ang tutulong sa 'yo rito?"** mahinahong tanong niya ngunit nandoon pa rin ang galit. **"Ano ba ang ginagawa mo sa sarili mo!"**

"I'm sorry..," tugon ko. Lalong humigpit ang yakap niya.

Kumawala siya mayamaya saka tiningnan ang kabuuan ko. Hinawi niya ang hibla ng buhok sa mukha ko. Marahan niyang pinunasan ang pisngi at labi ko. Kinuha niya ang braso ko at sinipat ang balat ko. Maging ang mga hita at binti ko ay sinamaan niya ng tingin. Ang suot ko ipinagbuntong-hininga niya nang pagkalalim-lalim.

"Sumakay ka na," malamig na naman ang tonong aniya. Pinagbuksan niya ako ng pinto at halos itulak papasok. Galit talaga siya.

Muli akong naiyak nang makaupo. Humuhupa na ang kumakabog kong puso pero ang takot ay buhay pa. Tuloy ay muli kong kinuwestiyon ang sarili kong kakayahan. Paulit-ulit kong tinanong ang sarili kung bakit wala akong ginawa? Kung bakit wala akong nagawa? Kung bakit hindi ko nagawang lumaban?

Alam ko ang dahilan. Malalaki ang kanilang katawan. Pero hindi sapat ang nagawa ko. Kulang na kulang iyon kung lakas ko ang basehan.

Nag-angat ako ng tingin nang hindi maramdaman ang paglulan ni Sensui. Gano'n na lang ang gulat ko nang makita itong walang-awang pinagsasasapak ang driver ng jeep. Paulit-ulit na suntok sa walang kalaban-laban na lalaki.

Humahangos akong bumaba at patakbong lumapit sa kaniya. **"Deib, enough!"** asik ko. Wala akong pakialam sa driver, hinihiling kong mas matindi pa ro'n ang tamuhin nito. Pero hindi kailangang si Sensui ang gumawa no'n. Hindi pwedeng madungisan ang kamay niya nang maruruming hayop.

"Tarantado kang gago ka!" sigaw pa ni Sensui sa driver, halos dutdutin ito ng daliri sa mga mata.

"Deib!" muling awat ko dahilan upang matigil siya sa akmang pananapak.

Nilingon niya ako nang may nag-aalab sa galit na tingin. **"Sinabi ko bang bumaba ka?"**

"Tama na."

"Go back in the car, babe."

"Let's go home, please," naluluha na namang pakiusap ko. Pero nanggigigil niyang pinasadahan ng tingin ang kabuuan ko. Napapikit siya sa galit nang makita ang mga tuhod ko.

"Fuck," napapapikit niyang sambit. 'Tsaka sinapak ang driver. **"Fuck you!"** Nginisihan siya ng driver saka natatakam na sumulyap sa 'kin. Maagap na tinakpan ni Sensui ang mata ko saka ako isinubsob ng pilit sa kaniyang dibdib. **"Ulol, mamatay ka na! Gusto kong makulong ang lahat ng hayop na 'to, naiintindihan mo?"** batid kong ang pulis na ang kaniyang kausap sa huli.

"Nasa kanila ang pouch ko," sabi ko. Lalo akong idiniin ni Sensui sa kaniyang dibdib.

Naramdaman ko nang may hablutin si Sensui. Ngunit nagulat ako nang bigla niya akong bitiwan. Walang ano-ano ay sinipa niya ang driver sa tiyan at bago ito tumimbawang ay muling sinipa sa dibdib. Paulit-ulit niya itong minura at isinumpa na mawalan ng buhay.

Hinablot muli ni Sensui ang kamay ko. **"Bumalik ka na sa kotse."**

"Hihintayin kita," binawi ko ang kamay ko.

Tumiim ang bagang niya. **"Hindi ka talaga sumusunod sa 'kin, Maxpein,"** galit niyang sinabi. **"Sobrang tigas niyang ulo mo,"** asik niya. **"'Wag mo 'kong galitin,"** banta niya, palihim akong naluha.

Bago pa man siya makalapit sa 'kin ay tinalikuran ko na siya. Halos takbuhin ko pabalik ang kotse at mabilis na sumakay. Umiyak ako nang umiyak. Pakiramdam ko ay ang hina-hina ko. Alam kong dala iyon ng takot dahil sa kawalan ko nang lakas na lumaban.

Sa tanang buhay ko ay noon ko lang iyon naranasan. Noon ko lang naramdaman ang kakaibang takot na iyon. Iyong takot na hindi ko ikamamatay. Iyong takot na dulot ng kaalaman kong posible akong ma-rape ng mga iyon dahil sa sarili kong kamalian. Iyong takot na hindi ko kilala,

hindi pamilyar sa akin, at ipinagtataka ko na inaalis ang kakayahan kong lumaban.

Mabilis na sumakay si Sensui. Agad akong nag-iwas ng tingin. **"Take that off,"** turo niya sa manipis at nasira kong panlamig. Hinubad niya ang suot na jacket at padabog na iniabot sa 'kin. **"Wear that. I don't want to see any part of your skin,"** malamig niyang dagdag.

Matulin ngunit tahimik naming nilisan ang lugar. Noon ko lang napagtanto kung gaano iyon kalayo. Gusto kong magsalita at muling humingi ng paumanhin. Pero ang paulit-ulit at malalim na buntong-hininga ni Sensui ang pumipigil sa 'kin.

Nagulat ako matapos madatnan ang sasakyan nina Chairman Moon at Maxwell sa bahay ng mga Enrile. Nagtataka kong nilingon si Sensui pero inunahan niya na akong bumaba. Dumeretso siya papasok at hindi ako isinabay.

"Where is she?" tinig agad ni Maxwell ang nangibabaw. Nanlumo ako at napapikit. **"Bullshit,"** asik niya matapos akong makita. Lumapit siya at niyakap ako. **"What happened to you, Maxpein?"**

"*Sesanghe*..." anas ni Chairman Moon. Lalo kong naibaba ang tingin. **"Are you alright?"** naniniguro ang tinig niya. Iyong tipong kapag sumagot ako ng hindi ay paniguradong may kalalagyan ang mga lasenggong iyon kanina.

Hindi ko nagawang salita. Noon ako nilapitan ni Mrs. Enrile at niyakap. **"Thank God you're safe."** Iginiya niya ako paupo saka hinaplos ang aking mukha.

Ang lahat ng pamilya ni Sensui ay naro'n. Nag-aalala ang tingin nila sa akin. Ipinagpapasalamat kong sina Maxwell at Chairman Moon lang ang naro'n. Dahil kung nandoon din sina More, Mokz, lalo na si Maze, ay paniguradong hahaba ang gabing ito.

Lumapit si manang upang abutan ako ng tubig. Gano'n na lang katindi ang kaba ko. Dahil kahit anong pilit ko ay hindi mapirmi sa paghawak sa baso ang nanginginig kong kamay.

Yumuko si Maxwell sa harap ko. **"What are you thinking, Maxpein?"** seryoso niyang tanong habang ang paningin ay nasa bitbit na first aid kit. **"Bakit ka umalis nang mag-isa?"**

"Hindi ko alam na gano'n ang mangyayari," matagal bago ako nakasagot. Hindi ko alam kung paanong ipaliliwanag sa kanila ang naging sitwasyon, lalo na ang kahinaan ko nang sandaling iyon.

"Look at yourself." Batid kong pilit na itinatago ni Maxwell ang inis. **"You're not thinking."** Umiling siya at bumuntong-hininga. **"What happened?"**

"Wala," nag-iwas ako ng tingin. **"Pinagtutulak lang nila ako."**

"Walang ginawa sa 'yo?" maagap niyang tanong. Napalunok ako.

Tumingin ang lahat sa akin, naghihintay sa sagot ko. Lalo na si Sensui na noon ay noon ko lang nakitang tumingin nang ganoon kasama sa akin.

Umiling ako. Nasapo ni Sensui ang noo, nakahinga nang maluwang. Sumalampak siya ng upo sa single sofa at galit pa ring tumingin sa 'kin.

"Tapusin mo 'yan at umuwi ka na. Sumabay ka sa kuya mo," malamig na utos niya. Parang kinurot ang puso ko.

"I want to stay here," mahinang tugon ko.

Lalong nagsalubong ang mga kilay niya. **"And then what? Aalis ka na naman kapag nagalit ka sa akin? Nang ganiyan ang hitsura mom at mapapahamak ka na naman?"** He's really mad.

"Deib Lohr, hijo," nananaway na tawag ni Mrs. Enrile.

I want to cry. Hindi ako nakasagot. Naiiyak ako hindi lang dahil sa galit ni Sensui. Kundi dahil na rin sa mariing pagkakadampi ng gasa ni Maxwell sa bawat sugat ko.

"No," muling ani Sensui. **"It's better if you stay at home."**

"Ano ang sabi ng mga pulis, hijo?" tanong ni Chairman Moon.

"Ikukulong nila ang mga 'yon. Anim na lalaki at malalaki ng mga katawan. Halos malalaki pa ang mga katawan no'n kay lolo! Tsk! Naba-badtrip ako sa 'yo, Maxpein," singhal na naman niya.

"Huminahon ka, hijo," saway na naman ni Mrs. Enrile.

"Paano kung may nangyari sa 'yo ro'n?" Akala ko ay tapos na ang pag-aamok ni Sensui. **"Papatayin mo 'ko sa pag-aalala sa 'yo."**

"Hindi ko naman sinasadya, eh," pigil ang luha na sagot ko.

"Wala naman kasing nagsabi sa 'yong umalis ka. Ang sabi ko lang ay maghintay ka," nagsisimula nang tumaas ang boses niya. **"Wala akong sinabing umalis ka, Maxpein. Now look what happened to you? Paano kung napahamak ka ron, ha? Sige nga."**

"Wala namang nangyari sa akin—"

"'Wag ka nang magsalita," angil niya.

Nagbaba ako ng tingin dahilan para magtama ang mga mata namin ni Maxwell. Umiling siya. **"He was really mad when he called me. Kahit**

ako ay nasigawan. Nagkamali ka, Maxpein," pabulong niyang sinabi. **"Nasaan pa ang ibang sugat mo?"** Inilahad ko sa kaniya ang siko ko.

"Aakyat na ako," paalam ni Sensui. Dagli ko siyang hinabol ng tingin, nakasulyap na siya sa akin. **"Sa susunod na pagkikita natin, ayaw ko nang makita 'yang mga sugat na 'yan,"** banta niya habang masama ang tingin sa braso ko.

Nanlumo ako nang magmadali siyang umakyat. I want to go after him but Maxwell is not done yet. I really wanted to cry. Pero ang presensya ng pamilya ko ang pumipigil sa 'kin. I don't want them to see me crying.

Tumikhim si Chairman Moon. **"Mauuna na ako. Aasikasuhin ko iyong mga lalaki na gumawa sa iyo niyan,"**itinuro niya ang sugat sa mukha ko.

"Hawak na sila ng pulis, Chairman," nagbaba ako ng tingin.

"I know." Ngumiti siya. **"Ngunit kailangan nilang dumaan sa mga kamay ko. Sino man ay walang karapatang manakit sa kahit na sinong myembro ng aking pamilya,"**maawtoridad niyang sinabi nang may naninindak na tingin. Hindi na ako sumagot. **"Maxwell? Hindi ka pa ba tapos?"**

"I'm done." Tumayo si Maxwell upang alalayan ako. **"Let's go, Pein."**

"Dito lang ako," tanggi ko. Nangunot ang noo nila. Ngumuso ako at nagbaba ng tingin. **"I want to stay here."** Bumuntong-hininga si Chairman Moon. **"Please."**

"Alright. Let's go, Maxwell Laurent." Hinarap ni Chairman Moon ang magulang ni Sensui. **"Kayo na muna ang bahala sa aking apo. May katigasan talaga ang ulo ng isang iyan. Magpapaiwan na lamang ako ng bantay para sa kaniya at gayon na rin sa inyo."**

"Makakaasa kayo, Chairman Moon," tugon ni Mr. Enrile saka tumango.

"Salamat." Lumapit sa akin si Chairman Moon. Tumayo ako upang tumango. **"Oras na makauwi ka ay simulan mong mag-ensayo. Babantayan kita, Maxpein Zin."**

Kunot-noo akong napabuntong-hininga. **"Yes, *Hwejang-nim*."** Nagulat ako nang yakapin ako ng Chairman bago talikuran.

Hinawakan ni Maxwell ang mukha ko at sinigurong nagamot ang lahat ng sugat ko. **"Take care of yourself. Don't go out alone,"** habilin niya. 'Tsaka pinahiran ang mga mata ko gamit ang panyo.

"Take care," tugon ko saka pinanood ang pag-alis nila.

Inihatid sila nina Mr. and Mrs. Enrile. Agad namang lumapit sa 'kin si Dein at niyakap ako. **"We were all worried about you, Maxpein,"** nag-aalala niyang sinabi.

"I'm sorry."

"No, we're sorry. Hindi ka sana namin hinayaang umalis mag-isa. Nag-alala nang todo si Deib Lohr sa 'yo. Lalo na nang tumawag ka."

"Kay manang lang ako nakapagpaalam. It was my fault."

Tumango siya saka hinagod ang likuran ko. **"Nag-away ba kayo?"** Tumango lang ako ngunit hindi nagsalita.

"Pasensya na at naging pabaya ako," ani manang. Umiling ako. **"Mabuti naman at hindi ka napaano, hija,"** hinaplos niya ang ulo ko **"Ayos na ba ang pakiramdam mo? Wala na bang ibang masakit sa 'yo?"**

"Wala na ho, salamat," tugon ko.

"Maxi, hija," muling lumapit sa akin si Mrs. Enrile nang makabalik. **"Sige na, umakyat ka na sa guest room at magpahinga."**

"Ipaghahanda kita ng pampaligo mo at isusuot," prisinta ni manang.

Bago dumeretso sa guest room ay nalingunan ko ang kwarto ni Sensui. *Sana ay 'wag na siyang magalit.* Nang makapasok sa banyo ay doon ko niyakap ang kaniyang jacket saka muling naluha. **"I'm sorry kung naging mahina ako, babe."**

Naiyak ako sa sakit, sa hapdi at sa takot. Lalo na nang muli kong maalala ang pakiramdam at hitsura ng mga hayop na lalaking iyon.

Hindi ko alam kung bakit ko piniling manatili rito sa kabila ng kahihiyang inabot ko.

Alam kong gusto akong pagalitan ni Chairman Moon pero wala siya sa sariling teritoryo. Si Maxwell ay gusto rin akong batukan, sigurado ko, pero nahihiya siya sa mga makakakita nito. Paniguradong nagtataka ang mga iyon kung bakit inabot ko ang ganito. Nasisiguro kong nagtatanong na ang mga iyon kung bakit hindi ko nagawang lumaban. Kahit pa sinabi ni Sensui na malalaki ang mga lalaking 'yon.

Lumusong ako sa bath tub. Agad na guminhawa ang pakiramdam ko sa mainit na tubig. Noon ko lang na-appreciate ang umaalingasaw na bango ng liquid soap. Nararamdaman ko ang hapdi sa iba't ibang parte ng katawan ko. Sa tuhod, binti, braso, kamay at nguso. Pati ang tiyan ko ay medyo masakit dahil sa lakas ng pagkakasuntok doon. Ang anit ko ay mabigat at mahigpit ang pakiramdam dahil sa pagkakasabunot doon.

Tumikom ang mga binti ko nang sumagi sa isip ko ang nakakadiring nangyari kanina. Pagpikit ko ay nagtuloy-tuloy na naman ang aking luha.

Mahigit kalahating oras akong nanatili sa banyo. Nangiti ako nang makita ang pares ng pantulog na inihanda ni manang. Iyon 'yong binili namin ni Sensui kaninang umaga lang. Plantsado na at agad na umalingasaw ang bango nang iladlad ko. May pares din ng undergarments na nakatupi sa pagitan ng blusa at pyjama. Sa gilid ng mga iyon ay maliit na first aid kit.

Tiningnan ko sa salamin ang kabuuan ko. Hindi nakaligtas sa paningin ko ay sariwang sugat na nasisiguro kong dahil sa patalim. Kumuha ako ng gasa at pinatakan iyon ng gamot. Tinakpan ko ang sugat at hindi na ininda pa. Nakangiti kong pinagmasdan ang sarili ko matapos magbihis.

"Hija?" bigla ay pumasok si manang. **"Maigi at tapos ka na."**

"Late na, manang, bakit hindi pa kayo natutulog?"

"Aba'y hindi ako makakatulog hangga't hindi ko nakikitang maayos ang lagay mo."

Ngumiti ako. **"Ayos na ako, manang. Salamat."**

Napabuntong-hininga. **"Siya, sige. Puntahan mo na lamang sa kwarto si Deib Lohr at yayain mong kumain. Ipinaghanda ko kayo ng mainit na sabaw."**

"Salamat, manang."

Kabado akong napatitig sa pinto ng kwarto ni Sensui. Ilang saglit pa akong humugot ng lakas ng loob bago kumatok.

"Pasok," tinig ni Sensui.

Marahan kong binuksan ang pinto. Lumingon si Sensui at nagulat matapos akong makita. Agad siyang bumangon mula sa prenteng pagkakahiga sa kaniyang braso.

"What are you doing here?" hindi niya inaasahang nandoon pa ako sa kanilang bahay. Nakagat ko ang labi saka napapahiyang bumaling papalabas. **"Hey,"** pigil niya saka ako sinenyasang tumuloy.

Matagal bago ko nailapat ang pinto pasara, sobrang kaba. Ilang beses akong napalunok bago humarap at tumingin sa kaniya.

Galit talaga siya. Namasa na naman ang mga mata ko.

Sa halip na lapitan ako ay muli siyang nahiga sa braso. Kunot-noo niyang itinutok ang paningin sa telebisyon. At nang gumalaw ang mga mata niya pabalik sa 'kin ay nag-iwas ako ng tingin.

"Alam mo ba 'yong pagkakamali mo?" panimula niya pero hindi ako sumagot. **"Answer me."**

"Oo."

"Uulit ka pa? "

"Hindi na."

"Tch. Sa ugali mo, hindi ka na uulit? Eh, matigas pa sa bato 'yang ulo mo?" singhal niya. Nanatili naman akong nakayuko. **"Kasasabi ko lang na umuwi ka na, ano pang ginagawa mo dito?"**

Nanlumo ako sa pagkapahiya. **"I want to stay here."**

"Eh, di matigas nga ang ulo mo?"

Napanguso ako sa sama ng loob. **"If you don't want me here, fine, I'll go home—"**

"'Tapos sasakay ka na naman ng jeep, mapagti-trip-an at magkakaganiyan?" sarkastiko niyang angil.

"What do you want me to do, then?" asik ko, hindi na mapigilan ang nangingilid na luha. **"Magpapasundo na lang ako kay Maxwell."**

"Sige. Ingat," malamig niyang tugon. Doon tumulo ang mga luha ko. Parang bata, mukhang tanga at nakakaawa.

Marahan akong tumalikod papalabas. Agad akong dumeretso sa guest room at doon nakayukong umiyak.

Napakasama ng ugali niya. Hindi man lang niya ako binigyan ng pagkakataong mag-sorry at maglambing. Napakasama ng ugali. Bakla!

Gano'n na lang ang gulat ko nang bumukas ang pinto. Dagli kong pinahid ang mga luha at bumaling sa pinto. Napalunok ako matapos mamataan si Sensui, nakapamulsa at matalim ang tingin.

Gusto kong pagalitan ang sarili matapos magpigil ng ngiti nang mapansing magkaterno ang mga suot namin.

"Lumapit ka sa 'kin," utos niya. Matagal bago ako nakakilos. **"Look at me,"** muling aniya. Matagal bago rin ako nakasunod. **"Papatayin mo ba ako?"**

Hindi ko inaasahan ang tanong niya. **"Ha? Hindi."**

"Pinag-alala mo 'ko." Bagaman kalmado ay nanunumbat ang tinig niya.

Nakonsensya ako. **"I'm sorry."**

"Nabawi ba 'yon ng sorry mo?"

"Hindi."

"Then stop saying sorry." Bumalik ang pagiging masungit niya. Nagbaba ako ng tingin. **"Keep your eyes on me,"** singhal niya, dali-dali

akong sumunod. Naglaban ang mga tingin namin, lalo tuloy akong nailang. **"Bakit ka umalis kanina?"**

"Nagalit ako sa 'yo."

"Why?"

"Parang may kakaiba kasi sa 'yo."

"Ano 'yon?" malamig talaga ang pakikitungo niya. At nasasaktan ako sa simpleng bagay na 'yon. Hindi ko alam kung bakit gano'n katindi ang emosyon ko sa sandaling iyon.

Muling nangilid ang mga luha ko. **"Hindi ka kasi masiyadong kumikibo. Nakakapanibago."**

"Nagagalit ba ako sa 'yo kapag ikaw ang walang kibo?" sarkastikong aniya. Umiling ako. **"Sapat na ba 'yon para umalis ka nang walang paalam?"** Umiling muli ako. **"I begged for you to stay here, ilang beses mo akong tinanggihan. Tapos bigla kang umalis nang walang paalam."**

"Tinanggihan mo rin naman ako, ah?" nabigo akong itago ang inis at panunumbat.

Bumuntong-hininga siya saka tinalikuran ako. **"Mag-usap tayo mamaya."**

"Nagugutom ako," habol ko. Natigilan siya at inis na namang nilingon ako. Matalim agad ang kaniyang tingin. Napalunok agad ako. **"Pero kaya ko pa namang tiisin,"**biglang bawi ko. **"Matutulog na lang ako."**

"Go downstairs and eat."

"Hindi na lang," nakangiting tanggi ko. Sumama pa lalo ang tingin niya. **"'Eto na nga,"** dagli akong tumalima.

Ngunit bago pa man ako makalabas ay iniharang niya ang braso at itinuon iyon sa pinto. Dagling nanuyo ang lalamunan ko sa sunod-sunod na paglunok.

Walang emosiyon ang kaniyang mukha ngunit kaytalas ng tingin. Lalo akong napalunok nang bumuntong-hininga siya na animong simot na simot na ang pasensiya.

Gusto kong maluha. *Ano na naman ba ang ginawa ko?*

"Naba-badtrip pa rin ako sa 'yo, alam mo ba 'yon?" humina ang boses niya, may tono ng galit pero mas malumanay na kompara kanina.

Humakbang siya papalapit dahilan para mapaatras ako at masandal sa dingding. Itinuon niya ang parehong palad sa magkabila kong tagiliran saka ako hinarap. Nang ilapit niya ang mukha sa 'kin ay umiwas ako at napapikit. **"Wala akong sinabing alisin mo sa 'kin ang paningin mo."**

"Oo, oo," utal na tugon ko saka muling sinalubong ang tingin niya. *Damn it! Bakit ba ganito na lang ang takot ko ngayon sa kaniya? Ako ba talaga ang mali? Nag-sorry na ako, ilang beses ba dapat 'yon? Nakakainis naman 'to.*

"Alam mo naman siguro kung ano ang makapagpapawala sa galit ko?"

Napatitig ako sa kaniya at muling lumunok nang lumunok. Ang kaninang malamig niyang titig ay unti-unting nalusaw. Pakiramdam ko ay maagap niyang sinusuri ang bawat anggulo ng mukha ko.

"Nababagot ako sa kahihintay ng sagot mo, Maxpein."

"Oo."

"Anong oo?"

"Alam ko kung paano mawawala 'yong g-galit mo," utal kong tugon, nagloloko ang sistema.

"Bakit hindi mo ginagawa?"

"Nag-aalala ako, baka hindi mo magustuhan."

"Tch." Nameke siya ng tawa, nag-iwas ako ng tingin. **"Sinabi kong 'wag mong aalisin ang tingin sa akin."**

Ngayon lang ako kinabahan nang gano'n sa t'wing magtataas siya ng tono. Tuloy ay tila alipin akong sumusunod, napapatalon pa sa gulat. May parte ng isip ko ang nagbabanta at sinasabing lintik lang ang walang ganti.

"Ako, hindi magugustohan ang halik mo? Sinong niloko mo, Maxpein?" muling aniya.

"Hindi naman sa gano'n."

"Gawin mo ngayon."

Napamaang ako. **"Ha?"**

Tumaas ang kilay niya. **"Sinabi ko na at hindi ko na uulitin."**

"Hahalikan kita?" nagugulat kong tanong. Napabuntong-hininga siya, mas lalong tumalas ang pagkakatitig sa akin. **"Oo, oo,"** nagpapaalipin na namang sabi ko.

Ilang beses kong binasa ang labi ko dahil sa matinding el niño na nangyayari ro'n. Nagkakandabiyak-biyak ang labi ko sa sobrang pagkatuyo. Sumulyap ako sa kaniyang labi, nagtatanong kung alin sa dalawa ang una kong dadampian. Nalilito ako.

"Itatabingi ko ba ang ulo ko?" utal na tanong ko. Napapikit siya sa inis. Sa isip ako umiyak. *Ano ba kasi ang gagawin?*

Nawawalan na ako ng pag-asa. Naiiyak na naman ako sa sobrang sama ng loob. Kung tutuusin ay simpleng bagay lang 'yon. Pero natetensyon ako sa paraan ng pakikitungo niya. Napakasama ng ugali niya para gawin sa 'kin 'to.

"Ako ang gagawa, 'wag kang gagalaw," maawrtoridad niyang sinabi. Hindi ko na nagawang sumagot pa dahil mabilis niyang sinunggaban ang labi ko.

Napapikit ako nang maramdaman ko ang labi niya. Kasabay niyon ay ang sunod-sunod na patak ng luhang namuo kanina sa mga mata ko. Napakasarap ng pakiramdam. Parang iyon na ang pinakamasarap na paraan niya ng paghalik. Napakamalumanay, napakalambot, napakabagal at hindi naghihintay ng tugon. Gayong inaasahan kong mararamdaman ko ang galit niyang hanggang doon.

Pero kinabahan ako nang marahan niyang kagatin ang pang-ibabang labi ko. Dagli akong nagmulat at matagal bago nagtama ang aming paningin. Ang namumungay niyang mga mata ay nagdudulot ng kakaibang pakiramdam sa 'kin. Nagpatuloy siya sa paghalik, mas ninanamnam ang sandali habang nakangiti.

Nagtindigan ang mga balahibo ko sa kaba. Marahan kong naitikom ang aking bibig dahilan upang matigilan siya. Dahan-dahan siyang nagmulat at binigyan ako ng nagtatanong na tingin.

"Nagugutom na ako," nagkandautal-utal na palusot ko.

Nangunot ang kaniyang noo saka umismid. **"Go downstairs and eat."**

"Samahan mo ko," nakangusong tugon ko. Sumama na naman ang tingin niya. Mga tingin na dapat ay nasa mga mata lang ngunit dahan-dahang bumababa sa aking labi. Tila natutukso sa hindi malamang dahilan. Muli akong kinabahan. *Tama na! Tsk. Adik.* Kusa rin siyang nag-iwas ng tingin matapos niyang tumitig ng ilang segundo sa mga labi ko.

"Kumain ka nang marami."

"Hindi ko kayang kumain nang marami, babe."

"Eh, di 'wag mo akong tawaging babe."

"Kakain pala ako nang marami, Sensui," bawi ko. Tinalikuran niya na ako at nagpaumunang lumabas.

Inilapag niya ang isang pares ng pink na tsinelas sa harapan ko matapos ko siyang sundan. Hindi ko inaasahang kukunin niya ang bawat binti ko, papagpagin ang talampakan saka isusuot sa akin ang mga iyon. Hindi ko

naiwasan ang mapangiti. Ngunit agad ding nawala ang ngiti nang samaan niya na naman ako ng tingin.

"Salamat, Sensui."

"Deib ang pangalan ko."

"Deib Lohr."

"Deib."

"Babe," nakangiti kong sabi. Pinagkunutan niya ako ng noo. **"Eh, di Deib."** *Tss.*

Kinuha niya ang kamay ko saka ako marahang hinila pababa. Palihim na naman akong nangiti. Ngunit sa isip ay sakal-sakal ko na siya.

Saan kaya nagmumula ang tapang nitong bwisit na 'to? Ang laki naman yata ng ipinagbago niya? Nawawala 'yong bading ko.

"Maupo ka," utos niya. Sumunod naman ako.

Tiningnan niya isa-isa ang nakalatag sa mesa. Hindi pa man siya nakakapagsalita uli ay bumungad na sa 'min si manang nang may ngiti sa labi. **"Aba, napakaganda ninyong tingnan,"** papuri ni manang. Napangiti naman ako.

"Wala akong oras makipagbiruan, manang, nagugutom ang bisita ninyo."

Natinag ako at inis na nilingon si Sensui. *Bisita ninyo?*

"Deblor, hijo, ano ka ba naman?" saway ni manang. Pero inirapan lang siya ni Sensui saka naupo sa harap ko. **"Ipaghahanda ko kayo."**

"I'm not hungry," masungit na ani Sensui.

"Oh, eh, di, si Maxi na lang."

"Maxpein ang pangalan niya."

Kunot-noo akong ngumuso. *What's wrong with this gay guy?*

Tila nakuha ni manang ang mood na iyon ni Sensui. Kaya naman walang sali-salitang inasikaso na lamang ako nito. Ipinaghain niya ako ng umuusok at napakabangong sopas at malamig na apple juice.

"Salamat, manang," magiliw kong sabi.

"Kumain ka nang marami, Maxpein, hija." Nakakatawa ang pagkakadiin ni manang sa pangalan ko. **"Sige na, maiwan ko na muna kayo riyan. Tawagin mo lamang ako kung may kailangan ka."**

"Matulog na kayo, manang." Hindi nawawala ang pagsusungit ni Sensui. **"Salamat."**

"Oh, sige, ikaw na ang bahala sa bisita namin, hijo," nang-aasar na diniinan ni manang ang mga huling sinabi.

Gusto kong matawa. Pero hindi ko magawa dahil hindi inaalis ni Sensui ang paningin sa 'kin habang nakahalukipkip sa harapan ko. **"Kumain ka na,"** utos niya.

"Sabayan mo ako."

"Hindi ako gutom," malamig pa ring tugon niya. Napangiwi naman ako saka nakangiting hinipan ang sopas. **"Makakailang ihip ka ba bago ka sumubo?"** inis na namang tanong niya. **"Hindi ba't sanay ka namang kumain nang mainit sa Korea?"**

"Dahil malamig doon," dahilan ko. **"Iangat ko lang nang ilang segundo ang umuusok na sopas ay lumalamig na."**

"Sige na, napakarami mong dahilan," asik niya. Napanguso na lang ako. **"Magdahan-dahan ka dahil pati labi mo ay may sugat."**

Tss. Nag-aalala rin naman, ang dami pang sinasabi! Kanina, pinagmamadali ako. Tapos ngayon, pinagdadahan-dahan niya ako? Abnormal talaga.

Dalawang beses akong humigop ng sopas saka sumimsim ng apple juice. Malasa at masarap. Hindi ko naiwasang pasalamatan si manang sa isip habang ninanamnam ang lasa.

"Ano ang ingiingiti-ngiti mo d'yan?" masungit na namang ani Sensui.

"Ha? Nakangiti ba ako?" nakangising tugon ko. Hindi siya sumagot. **"Ang sarap kasi nitong sopas at juice. Gusto mo?"** alok ko. Ngunit tila babae siyang umismid. Palihim ko siyang nginiwian. **"Pwede kitang subuan kung gusto mo,"** bulong ko pa saka muling sumubo.

"Bilisan mo d'yan, inaantok na ako."

"Gano'n ba? Sige, mauna ka na sa 'taas," nakangiti kong sagot. Ngunit natigilan ako nang samaan niya ako ng tingin.

"Kanina ay nagpapasama ka sa 'kin, tapos paalisin mo ko?"

"Hindi na."

"Tch!"

"Susubuan na lang kita."

"Bakit? Hindi mo ba mauubos 'yan? Kaunti lang iyan. Hininto mo 'yong ginagawa natin para d'yan kaya ubusin mong mag-isa 'yan!"

Naglapat ang mga labi ko, at napabuntong-hininga. *'Ayun... Kaya naman pala nagalit ay dahil nahinto ang paghalik niya. Tsk tsk. Magaling, magaling, magaling.*

Muli akong nagtuloy sa pagkain. Wala siyang ibang ginawa kung hindi ang magkrus ng mga braso at tumitig sa 'kin. Nang matapos ay dumighay

ako sa harapan niya dahil hindi ko na iyon napigilan pa. Tumayo ako at inayos ang pinagkainan ko saka dinala ang mga 'yon sa sink.

"Ako na," prisinta niya. Palihim naman akong nangiti. Lumapit siya sa 'kin at dinunggol ako dahilan upang mapatabi ako. **"Alis d'yan,"** utos niya, nananadya.

Palihim ko siyang inambaan ng suntok. *Napakasungit! Tss.*Kunot-noo kong pinanood ang ginagawa niya. Napakawalang-kwenta niyang maghugas ng pinggan. *Para iilang piraso ng mangkok, kutsara't baso kasi ay nagprisinta pa. Tss. Paglalaba at hindi paghuhugas ang ginagawa niya.*

Kinukuskos niya nang maigi ang plato na animong may putik iyon. Gano'n na rin ang kutsara at baso.

Ngunit sa halip na laiitin nang palihim ang katangahan niya ay naglambing ako at yumakap mula sa kaniyang likuran. Bahagya niyang ikinagulat iyon pero hindi nag-abalang lingunin ako.

"Sorry na, babe?" mahinang sambit ko.

"Deib."

Ngumuso ako. *Galit pa rin? Tss.* **"Ayaw mo na bang tawagin kitang babe?"**

Hindi siya sumagot hanggang sa matapos. Ngunit hindi rin ako kumalas. **"Let go of me, Maxpein."**

Umiling ako. **"No,"** nagtonong bata.

Humarap siya sa 'kin at iniangat sa ere ang mga basa niyang kamay. Nakatingala akong sumulyap sa kaniya, animong nagmumukmok na bata. Nagpatangkad ako at humalik sa pisngi niya.

"Umalis ka sabi d'yan, Maxpein."

"Ayaw, Deib Lohr."

"Tsk," asik niya.

Gusto kong matawa nang hayaan niya akong yumakap sa kaniya habang naglalakad papunta sa punasan ng kamay. Palihim na naman akong natawa.

"Plano mo bang umakyat nang nakaganiyan?"

Nakangiti akong tumango. **"Oo, kung pwede."**

"Tsk. Bumitiw ka na."

"Ayaw."

"Sige, itutulak kita," banta niya.

Napanguso ako, nakita niya. Pero hindi ang kirot na naramdaman ko sa puso. *Magagawa niya na sa 'kin 'yon ngayon?*

Awtomatiko akong kumalas at nag-iwas ng tingin. Nameke ako ng ngiti saka nagpaumunang umakyat sa 'taas. Gusto kong ipagtaka ang pagiging emosyonal ko. May parte ng isip ko ang nagsasabing hindi niya talaga 'yon gagawin. Na sinabi niya lang 'yon para matigil ako sa pag-iisip-bata. Pero iba ang paraan ng pag-intindi ng puso ko. Sa simpleng bagay na 'yon ay nasasaktan ito.

Naramdaman ko siyang sumunod pero nilampasan ko ang kaniyang kwarto. **"Ang sabi ko ay mag-uusap tayo,"** pigil niya sa akma kong pagdere-deretso. Sinamaan ko siya ng tingin. **"Don't stare at me like that,"** banta niya, mas masama ang tingin.

Pinagbuksan niya ako ng pinto at sumenyas na tumuloy ako. Nagmamaktol akong sumunod. Ngunit agad na dumeretso ang likod ko nang i-lock niya ang pinto. Natutuliro kong sinulyapan ang siradura. Tila nanuyo na namang bigla ang lalamunan ko.

Ano na naman ang balak niya? Marahan akong nag-angat ng tingin sa kaniya. Dahilan para masulyapan ko ang masama pa rin niyang tingin. Awtomatiko akong nameke ng ngiti.

Pero nang makita ko na naman ang galit niyang mukha ay nameke ako ng ngiti, labas ang mga ngipin.

"Sit down," utos niya. Sumunod na naman ako. Nahiga siya sa kama. Naupo naman ako sa pinakadulong bahagi niyon. Sa bandang paanan niya. **"Ganiyan ba tayo kalayo mag-usap?"** inis na tanong niya. Nagmukha naman akong higad na umusod nang umusod papalapit sa kaniya.

Inilahad niya ang kamay. Napamaang ako. **"Ano 'yan?"**inosente kong tanong.

"Humiga ka."

"Kakakain ko lang."

Umismid siya. **"Humarap ka sa 'kin."** Ginawa niyang unan ang sariling braso saka tumingin nang masama sa akin.

Diyos ko, ang mga titig niya! Baka sa isip ay sinasaksak niya na ako sa sobrang inis? Sa tingin ko ay kailangan ko nang makaalis dito!

Tumayo ako nang hindi natagalan ang titig niya. **"Hindi pa ako nakakapagsepilyo, Deib. Babalik na lang siguro ako,"** pagpapalusot ko. *Oo! Tapos ay mahihiga na ako at sasabihing nakatulog ako.* Agad akong nakabuo ng plano sa isip.

"Diyan ka magsepilyo sa banyo ko."

"Wala naman d'yan 'yong sepilyo ko."

"Gamitin mo 'yong akin."

"Ha?"

"Ha?" inis niya akong ginaya. **"Lalo ka bang nabingi ngayon?** angil niya. Napabuntong-hininga ako. **"Bilisan mo, nababagot ako sa sobrang bagal mo."**

Inis akong sumunod. Tinagalan ko ang kahahanap kunyari sa sepilyo niya. Gayong pagkapasok pa lang ay nakita ko na. Ultimong ang paglalagay ko ng toothpaste doon ay sinadya kong tagalan. Na sa sobrang bagal ay pwede niya nang isiping nakatulog ako.

Siguro ay alalang-alala lang talaga siya sa 'yo, Maxpein, kaya siya ganon. Napabuntong-hininga ako sa sarili kong isipin. *Pero sobra naman yata siya? Hindi ko pa naranasang magalit nang ganiyan sa kaniya, ah? Tss. Kung tutuusin nga ay sa kaniya lang humahaba ang pasensya ko. Tss.*

"Ano ba?" halos mapatalon ako nang katukin niya ang pinto.

"Nandiyan na!" asik ko saka minadali ang ginagawa. Nag-mouthwash pa ako bago tuluyang lumabas.

Hindi ko inaasahang patay na ang mga ilaw nang makalabas. Ang tanging liwanag ay iyong nagmumula sa telebisyon at sa banyo. Hindi ako natinag sa kinatatayuan.

"Napakatagal mo namang magsepilyo? Gano'n ba karumi sa tingin mo 'yong kinain mo?"

Hindi! Iyang bibig mo ang marumi! Kung ano-anong kababalaghan ang ginagawa sa 'kin! Kung sana ay may lakas lang ko ng loob ng sandaling iyon. **"Sorry,"** lang ang nasabi ko.

"Tigilan mo ko sa kaso-sorry mo. Mahiga ka sa tabi ko."

"Busog pa nga ako," nakangusong tugon ko. Tumikhim siya saka pinanood ang pag-upo ko sa tabi niya. **"Ano ba 'yong pag-uusapan natin? Inaantok na kasi ako."**

"Nandito 'yong babaeng pinagseselosan mo."

Natigilan ako. Pilit na ipinoprograma sa utak iyong sinabi niya. At nang maintindihan ko iyon nang tuluyan ay kabado kong iginala ang mata ko sa kabuuan ng kwarto. **"Nasaan?"**tanong ko.

"Hindi dito," nauubusan ng pasensyang aniya. Nilingon ko siya. **"Nandoon siya kanina sa hotel, nagkita kami."**

Lalo akong natigilan. **"Nagkita?"**

"'Wag kang mag-imagine. Iba ang nagkita sa nakipagkita, Maxpein," animo isang henyong paliwanag niya. **"Hinalikan niya ako."**

Dumiin ang titig ko sa kaniya. **"What?"**

"Hinalikan niya ako," malinaw at walang kagatol-gatol na ulit niya. **"Kaya ko tinanggihan ang halik mo kanina ay dahil ayaw kong lumapat sa 'kin ang labi mong nadampian ng bibig niya—"**

"Stop," pigil ko, napapalunok. Tumitig siya sa akin, walang nagbago sa kaniyang hitsura. Nanatili iyong blangko.**"Bakit ka pumayag?"**

"Hindi ako pumayag, nabigla ako. Itinulak ko siya nang dahil do'n."

"Bakit niya ginawa iyon?"

"Ewan ko."

"Bakit siya nandito?"

"Ewan ko."

"Bakit hindi mo itinanong?"

"Dahil hindi ako interesado."

"Oh, eh, ano ang gusto mong gawin ko?"

"Gusto ko lang malaman mo, pero wala akong inaasahang gagawin mo," prangkang tugon niya.

Naiiwas ko ang tingin ko. *Ang babaeng pinagseselosan ko?* Wala siyang binanggit kung sino pero iisang babae lang ang pumasok sa isip ko. Ang babaeng iyon sa Palawan. *Ano ang kailangan niya?*

"May gusto ba siya sa 'yo?" tanong ko. Sinadya kong hindi tingnan ang mukha niya.

"Ang sabi niya, oo."

Napabuntong-hininga ko. Nakamot ko ang kilay na animong doon ko maitatago ang namumuong inis. Gayunman, masaya ako na nagsabi siya nang totoo.

Madalang talagang magkamali ang kutob ko. Kakaiba 'yong pula ng labi niya kanina. Nahalikan pala ng iba, king ina.

"Galit ka ba sa 'kin?" kaswal niyang tanong. Bumalik ako sa ulirat ngunit hindi nakapagsalita. Ang mga mata ko ay tutok sa kung saan. **"Kung galit ka sa 'kin, maiitindihan ko. Pero 'wag kang gagawa ng bagay na ikapapahamak mo ulit,"** dagdag niya, sa galit na namang tono.

Teka nga! Inuunahan niya ba ang galit ko? Inis kong nilingon siya. **"Eh, bakit parang ikaw pa ang galit?"**

"Hindi ako galit."

"Galit ka."

"'Wag kang mas marunong, Maxpein."

"Galit ka, Deib Lohr."

"Hindi nga. Tch. 'Wag kang mapilit."

"Tss! Kaya pala? Kanina ka pa cold sa 'kin ah?"

"Ano ang gusto mo, suyuin pa kita? Matapos no'ng katarantaduhang ginawa mo?"

Natigilan na naman ako. *Katarantaduhan?* Sumama ang mukha ko. **"Alam mo ba kung gaano akong natakot doon kanina?"** inis na talagang singhal ko. **"Alam mo ba kung ano ang nararamdaman ko nang sandaling 'yon? Naiintindihan kong nag-aalala ka pero 'wag mo naman akong sumbatan na parang ginusto ko 'yon."**

"Umaga pa lang ay sinabihan na kita pero mas pinili mo pa ring ibalandra 'yang katawan mo."

"Deib!" sigaw ko. Mabilis na nangilid ang mga luha ko sa galit.

"Ilang beses na kitang sinasabihan, sa Palawan pa lang. Ayaw ko ng mga gano'ng damit, Maxpein! Hindi ka muna kasi nag-iisip!"

"Eh, bakit hindi mo sabihin sa 'kin nang maayos?"

"Sinabi ko nang maayos sa 'yo, nakinig ka ba? Hindi, 'di ba?" asik niya saka muling nag-iwas ng tingin.

Hindi ko napigilang pangiliran ng luha, gano'n kabilis akong naiyak. Kinagat ko pa ang mga labi ko upang maiwasan ang mapahikbi. Ang sama-sama lalo ng loob ko. Nadagdagan ang isipin at sakit sa dibdib ko.

"I hate you," mahina ngunit mariing usal ko.

"Ano 'kamo?" halos mautal ngunit galit pa ring tugon niya.

Luhaan akong lumingon sa kaniya. **"I hate you!"** pagdidiin ko sa mismong mga mata niya.

"Bawiin mo 'yong sinabi mo," nauubusan ng pasensiyang aniya. Sinamaan ko lang siya ng tingin. **"Bawiin mo 'yong sinabi mo, Maxpein."**

"Ayoko."

"Bawiin mo!"

"Ayoko sabi!" mas nagtaas ako ng boses.

Nagtiim ang kaniyang bagang, lalong naging seryoso. **"Gano'n kadali para sa iyong sabihin 'yan, ano?"** nameke siya ng ngiti. Natigilan ako. **"It's so easy for you to say it..."**Tumango-tango siya saka nag-iwas ng tingin. **"Alright. Kung iyan talaga ang nararamdaman mo, pwede ka nang umalis dito. Hindi na kita susundan."**

Natigilan ako at napasinghap. Pinanood ko siyang talikuran ako at mahiga nang ayos. Ngunit agad akong nag-alala nang yumugyog ang mga

balikat niya.

Aligaga akong lumapit upang silipin siya. **"Babe..."** Pilit niyang iniwas ang sarili. **"Why are you crying?"**

"I'm not. Matulog ka na."

"I'm sorry," nakokonsensyang sabi ko. Hinaplos ang buhok niya.

"Lahat na lang ng ayaw ko ay ginagawa mo. Ano bang nangyayari sa 'yo?" naghihinanakit na aniya. **"Mahal mo ba talaga ako?"** noon lang siya tumingin sa akin.

"Oo."

"Bakit gano'n na lang kadali sa 'yong sabihin 'yon? Nasasaktan ako ro'n, Taguro." Seryoso siya, namamasa ang mga mata.

"I'm sorry."

"Umalis ka na. Ayoko nang makita 'yang mukha mo."

Hindi ko inaasahang sasabihin niya iyon. Napanguso ako bago tumayo. **"Sorry."** Nagmadali akong lumabas ng kwarto. Saka patakbong bumalik sa guest room.

Agad akong nahiga sa kama at ibinalot ang sarili ko ng kumot. Doon ako muling umiyak.

Nagiging napakaiyakin ko na. Hindi naman ako ganito. Tsk. Eh, ano ba kasi ang gagawin ko? Hindi ko malaman kung gusto niya bang matuwa ako ro'n sa sinabi niya o magalit? Gusto niya bang matuwa ako dahil nagpakatotoo siya at sinabi sa 'kin 'yong nangyari kanina? O dapat akong magalit dahil may nangyaring gano'n? Hindi ko alam! Tsk! Hindi ko man lang magawang magalit sa kaniya! Parang gusto niya pa ay ako ang sumuyo sa kaniya! Tss. Pero kung gusto niyang suyuin ko siya, bakit pinalayas niya ako? Ayaw na raw niyang makita ang mukha ko. Napanguso ako at muling naluha. *Ang pangit-pangit ko na siguro sa paningin niya. Naumpog na siguro siya at na-realize na wala akong panama sa naggagandahang babae na nakapaligid sa kaniya.* Lalo akong naging emosyonal.

"Lahat ng ayaw niya ay ginagawa ko?" nagmamaktol kong bulong. **"Ano ang gusto niya? Magmukha akong aso sa kasusunod sa kaniya? Tss."** Pero ang isang bahagi ng isip ko ay sinasabing napaka-OA ko. Dahil hindi naman sa lahat ng bagay ay gusto ni Sensui na siya ang masunod.

Natinag ako nang maramdaman kong bumukas ang pinto. Dagli kong pinahid ang mga mata at pumikit.

"Taguro..," pagtawag ni Sensui. Hindi ako kumilos. **"Bawiin mo 'yong sinabi mo."** Hindi ko man siya lingunin ay batid kong napakalungkot niya at nanunulis ang nguso.

Hmp! Bahala ka sa buhay mo! Bakla! Nasaktan din naman ako, eh. Masakit siyang magsalita.

"Hoy! Bawiin mo 'yon!" utos na naman niya. At hindi pa nakuntento, inuga-uga pa ang ang balikat ko.

"Ano ba!" singhal ko. Ngunit natinag nang makitang namumugto na ang mga mata niya. Bagaman nandoon pa rin ang galit. **"What happened to you?"** pinigil kong matawa.

"Bawiin mo 'yong sinabi mo! Alam mong ayaw ko 'yon!"

"Tss."

"Bawiin mo!"

"Oo na! Binabawi ko na! Tss." asik ko't muling tinalikuran siya. Doon ko inilabas ang pinigil na tawa.

Pero nagulat ako nang bigla siyang yumakap sa 'kin at doon umiyak sa likuran ko. **"I'm begging you. 'Wag mo uling sasabihin sa 'kin 'yon,"** pagmamakaawa niya talaga. **"Kahit hindi mo na ako mahal, kahit ayaw mo na sa 'kin, 'wag mong sasabihin sa 'kin 'yon. Please, Maxpein, please."**

Napaharap ako sa kaniya at hinawakan siya sa magkabilang pisngi. **"I'm sorry,"** sinserosong paumanhin ko. **"Hindi na mauulit."** Pinahid ko ang mga luha niya. **"Tahan na, babe."**

Muling sumama ang tingin niya, nang nakanguso. **"'Wag mo nang uulitin 'yon, ah?"**

"Oo, promise."

"Ayaw ko 'yon!"

"Hindi na mauulit, babe."

"Tch. Doon ka sa kwarto ko matulog."

Naglapat ang mga labi ko saka nameke ng ngiti, ayaw ipakita ang pagiging sarkastika. **"Dito raw ako sabi ni daddy—"**

"Daddy na pala ang tawag mo sa daddy ko?" nakangising tugon niya.

Kumunot ang noo ko. **"Iyon ba ang sinabi ko? Eh, di Mr. Enrile,"** nakangiwing bawi ko. Sumama ang mukha niya. **"Hehe. Tama ang dinig mo, daddy nga."**

"Ano ang tawag mo sa mommy ko?"

"Mrs. Enrile—" Natigilan na naman ako nang mas sumama ang mukha niya. **"Mommy, hindi ba?"**

Sumilay ang nakakaloko niyang ngisi. **"Ang sarap sa pandinig,"** nakadila pang aniya. **"Tara sa kwarto."**

"Dito na lang ako." Umasta akong komportable at hindi na matitinag sa pagkakahiga.

"May multo dito."

"Hindi ang isang tulad ko ang matatakot sa multo,"mayabang kong sabi.

"Kahit nandito siya ngayon sa tabi mo at nagpapanggap na ako? Yayakap ka sa kaniya at magugulat ka na lang kung bakit may dugo siya sa mukha—"

"Tara na." Nauna pa akong tumayo. Ngumisi siya na animong nanalo. Pero nagtaka ako nang yumuko siya bigla sa harap ko. **"Ano 'yan?"**

"Pasan ka sa 'kin."

Tss. **"Talaga?"** nagpanggap akong excited.

"Oo, dali na!" Patalon akong pumasan. **"Aray! Masakit, ah!"**

"Tss, napakapayat mo kasi." Natawa ako. Gayunman ay nalibang din ako sa pagsakay sa kaniyang likuran. Pero muling natigilan nang marinig siyang i-lock ang pinto ng kaniyang kwarto. **"Bakit kailangang naka-lock, Sensui?"**

"Para hindi tayo maistorbo."

"Ano ba ang g-gagawin natin?" mamatay-matay na naman sa kabang tanong ko.

Inilapag niya ako sa kama saka siya tumawa. **"Matutulog. Ano ba ang gusto mong gawin?"**

Nakahinga ako nang maluwang. **"Wala naman."** Nag-iwas ako ng tingin.

"'Wag kang mangarap dahil wala akong gagawin sa 'yo. Tch," singhal niya saka binuksan ang ilaw at ipinatay ang lampshade. **"Para mas maliwanag..."** binuksan niya ang ilaw sa veranda. **"Humiga ka na."**

Pagkahiga ay nakita ko 'yong teddy bear na ibinigay niya sa 'kin. **"Hi, Taguro,"** kunwaring bati ko. Nahiga naman si Sensui sa tabi ko. Pilit niyang inilagay ang braso sa ulunan ko, at inihiga ako sa bandang dibdib niya.

"Sa 'kin ka na tumingin," 'ayun na naman iyong nag-uutos na tono niya. Sumunod na lang ako. **"'Wag mo na sasabihin ulit 'yon, ah? Ayaw**

ko no'n, Taguro. Nasasaktan ako masiyado ro'n. Hindi ko naranasang masabihin no'n."

"Opo."

"'Wag kang aalis basta-basta lalo na kapag pamatay ang suot mo."

"Opo."

"Natatakot akong may mangyaring masama sa 'yo lalo na ng dahil sa kapabayaan ko."

"Opo."

"Nagseselos ka ba ro'n sa inamin ko sa 'yo?"

"Opo—"

"'Yong totoo?"

"Nasasaktan." Nameke ako ng ngiti. *May ibang labi na nakahalik sa 'yo.*

"I'm sorry," sinserong usal niya. **"Hindi ko ginusto 'yon, maniwala ka sa 'kin."**

"Naniniwala ako sa 'yo," sinsero ring tugon ko.

Lumabas ang matagumpay niyang ngiti. **"Mahal na mahal kita, Taguro. Salamat sa pang-intindi at tiwala."**

"Pero isang halik niya pa—malaya ka na."

"Ano?" asik niya.

Natawa ako. **"Joke lang!"**

"Kahit kailan ay napakapangit mong magbiro."

"Tss, sinabi mo rin naman sa 'kin noon 'yan nang dahil kay Randall."

"Tch! Kasali na naman siya?"

"Si Randall?"

"Wala akong pakialam! Halikan mo na ako!"

"Wow, makasingit lang?" pang-aasar ko.

"Okay," malamig na naman aniya saka iniiwas ang ulo at pumikit.

"Goodnight," mahinang bulong ko saka pumikit.

Napakasarap sa pakiramdam na katabi ko siya ngayon. Parang pareho kaming walang pakialam kung sino ang makakita dahil pareho kaming walang ginagawang masama.

"Hahalikan mo ako o ihahagis kita sa veranda, Taguro?" bulong niya habang nakaharap pa rin sa kabilang tagiliran niya.

"Sige, come here," anyaya ko. Gumuhit ang ngiting panalo niya nang harapin ako. Inginuso ko ang labi ko nang nakapikit pa.

"Ano 'yan?" asik niya.

"Kiss! Goodnight kiss!"

"Ayaw ko niyan!"

"Ano na naman? Tsk! Ang haba-haba na no'ng kiss mo kanina, ah?"

"Oo nga, pero pinigil mo!"

"Dahil kinagat mo ang labi ko! Tss."

"Hehe, ayaw mo no'n, babe?"

Pakiramdam ko ay namula ako nang hard. **"Dahil ang manyak ng dating mo."**

"Ano!"

"Matulog na tayo."

"Tsk."

"Humalik ka na kasi ng isa tapos bukas na ulit!"

"Gusto ko ngayon, hanggang bukas, haha."

"Ayaw."

"Hindi mo na ba ako mahal?"

"Halik na ba ang basehan no'n ngayon?"

"Hindi sa lahat ng paraan pero isa na 'yon! Sa pamamagitan ng halik mo ay nagagawa kong kausapin ang kaluluwa mo, Taguro."

"Wow..," natatawang sambit ko.

Sumama ang tingin niya. **"I will kiss you, open your lips."**

"Ayoko."

"Dali na, Taguro!"

"Kakagatin mo 'yong labi ko, eh!"

"Masakit ba?"

"Hindi."

"Hindi naman pala, eh. Dali na." Isinunggab niya ang mukha sa akin. At nang hindi ko iawang ang mga labi ko ay kusa siyang gumawa ng paraan upang mabuksan iyon.

Napakaadik niya!

OceanofPDF.com

CHAPTER 173

DEIB'S POV

NANG MAGISING ako ay agad na bumungad sa akin ang mukha ni Taguro na nakasiksik sa aking dibdib. Napangiti ako.

Hindi mo alam kung gaano kasarap 'to sa pakiramdam ko, Taguro. Binubuhay mo ang tulog na tulog na dugo ko. Napakaswerte ko dahil mahal na mahal mo rin ako, hahaha! Kaya ko siyang titigan kahit maghapon pa. Grabe, ang aga-aga, Deib! Tsk tsk!

Bahagya akong lumayo at patagilid siyang pinagmasdan. Ngayon lang ako nakakita ng taong natutulog nang magkakrus ang mga braso. Tinitigan ko siya nang deretso at gaya ng nakasanayan na wala na namang kwenta ang kaniyang hitsura.

Pantay na pantay ang pagkakalapat ng mga labi niya. Wala man lang bahid ng ngiti mula sa napakagandang sandali kagabi. Samantalang sa t'wing maaalala ko ang mga labi niyang nakalapat sa 'kin ay para akong lumilipad sa sobrang ganda ng pakiramdam.

'Sabagay, matu-turn-off ako kung nakangisi siya at bukas ang mga mata kung matulog. Tch!

Ang mga mata niya ay may mga perpektong pilik-mata. Na habang tumatagal ay lalong humahaba at gumaganda. Hindi ko malilimutan kung gaano kalalim at kadilim ang mga mata sa likod ng mga talukap niyon. Mga matang nakakalunod sa t'wing sa akin nakatuon. Pakiramdam ko ay noon ko lang uli napagmasdan ang may katangusan niyang ilong. Iyong ilong na animong bumubuga ng usok sa t'wing mauubusan siya ng pasensya. Hindi ko na naiwasang mangiti nang lumapat ang paningin ko sa mapupulang labi niya. Nakakaakit ang panunuyo ng mga iyon, parang kailangan kong basain gamit ang sarili kong labi.

Ngunit ang kapansin-pansin ay ang pagkakakunot ng kaniyang noo. *Tch. Hanggang sa pagtulog ba ay may kaaway siya? Tch!*

Gusto kong hawakan ang labi niya pero ayaw kong magising siya. Nakagat ko ang sarili kong labi nang maalala ko kung gaano kalambot ang mga iyon.

Marahan akong bumangon at dumeretso sa banyo upang maghilamos. Kinuha ko ang sepilyo at napangiti nang maalala kong ipinagamit ko sa kaniya iyon.

Hindi naman siguro masama kung iisipin kong asawa ko na siya, kahit hindi pa? Bwahahaha! Ang tali-talino ko talaga!

Bababa na sana ako nang matapos akong maghilamos. Pero naaakit talaga akong lumapit sa kaniya. Marahan muli akong nahiga sa tabi niya at tinitigan ang walang kwenta niyang hitsura.

Napakaganda... Tch! Mas maganda pa rin si Britney Spears sa kaniya pero...bwahahaha, ang mukhang 'yan lang gustong-gusto ko! Damn it! Ano ang ginagawa mo sa 'kin, ha, babae? Ano ang ginawa mo sa isang Deib Lohr Enrile?

Sa hindi maipaliwanag na dahilan ay nangingiti ako kahit wala naman siyang ginagawa. Naiisip ko pa lang 'yong pagmamaktol niya dahil sa inis kagabi ay natatawa na ako. Pati ang pagnguso ko ay namamana niya na.

Hindi iyon ang Taguro na nakasanayan ko, pero mas minamahal ko siya nang dahil doon.

Bahagya siyang gumalaw kaya medyo napailag ako. Dahan-dahan siyang kumilos at agad na kumunot ang noo bagaman nakapikit pa rin. Pati sa paggising ay mukha siyang galit. Unti-unti niyang iminulat ang mga mata at tumingin sa 'kin. Marahan akong lumapit at dinampian siya ng halik sa noo at pisngi.

"Good morning, babe," malambing kong bati. Ako mismo ang kinikilig sa sinabi ko. Parang kinikiliti ang puso ko at nawawala sa pwesto. **"I love you."**

"Mm," tugon niya na tumango pa. Bumagsak ang mundo ko. Parang lalaking bumangon siya at nagtatatalon ng limang beses sa harapan ko habang nakatalikod sa 'kin. Saka siya dumeretso sa banyo.

Naglapat ang mga labi ko sa inis. *Napakabastos, tsk tsk. Ano ba naman 'yong mag-good morning din siya? Siya lang ang babaeng nakaranas gumising nang mukha ko agad ang makikita! Tch, well, bukod kina mommy at Noona, siya lang talaga! Hindi niya man lang ba naa-appreciate kung gaano kahalaga 'yon? Tch! Napakaswerte niya! Taguro!*

Ilang sandali lang ay lumabas siya at tumayo sa harapan ko. Sandali kaming naglabanan ng tingin. Ora mismo rin ay kumunot ang noo niya at sinimangutan ako. Siya lang ang kilala kong may kakayahang magbago ang mood sa pagitan ng iilang segundo.

Iginala niya ang paningin at nahinto iyon sa ref. Napanood ko siyang bumuntong-hininga saka sumulyap sa akin. Nakayuko siyang kumuha ng tubig at tinungga ang lahat ng laman niyon. Nang matapos ay pinunasan niya ang bibig gamit ang manggas ng blusa.

Grabe, para talaga siyang lalaki. **"Dito ka,"** anyaya ko na pinagpag pa ang tabi ko. Agad naman siyang sumunod at muling isiniksik ang sarili sa 'kin. Saka siya yumakap at pumikit. Naging matunog ang pagngiti ko, animong kinikiliti. **"Kumusta ang tulog mo?"**

"Ayos naman," tugon niya. Agad na nangalingasaw ang amoy ng mouthwash mula sa kaniyang hininga.

"Nag-enjoy ka bang katabi ako?"

"Oo naman," aniya habang nakapikit pa rin at nakayakap ang isang braso sa 'kin. Hinawakan ko ang pisngi niya saka ko hinaplos ang kaniyang labi gamit ang hinlalaki ko.

Nawaglit sa isip ko ang nangyari sa kaniya kagabi sa totoo lang. Binubura ng mga labi niya ang lahat sa isip ko. Puro magagandang pakiramdam lang ang iniiwan niya sa buong sistema ko.

"Ano ang nangyari sa 'yo kahapon?" tanong ko.

Doon siya nagmulat. **"Alin?"**

Tch. **"'Yong nangyari sa 'yo sa kamay no'ng mga lasenggo na 'yon."**

Napabuntong-hininga siya at umayos ng higa. **"Bakit mo naitanong?"**

"Tch. Hindi *por que* nagkaayos na tayo kagabi ay palalampasin na kita, Taguro. Ano ang nangyari sa 'yo?" pigil ang inis na tanong ko. **"Ikwento mo mula nang umalis ka rito hanggang sa mapunta ka sa mga iyon. Naiinis ako sa t'wing maiisip ko 'yon."**

"'Wag ka nang magalit, hindi ko gusto kapag galit ka," sinserong aniya, bumalik na naman sa maangas na pananalita.

Bumuntong-hininga ako. **"Kaya nga ikwento mo, gusto kong malaman."**

Kunot-noo rin siyang bumuntong-hininga. **"Paglabas ko ay hindi ko na natingnan 'yong sinakyan ko. Kasi lahat naman nang dumederetsong jeep d'yan sa labas ay dumaraan sa harap ng village namin. Kamalas-malasang iyong nasakyan ko ay puro lalaki ang sakay. Magkakakilala sila dahil pati 'yong driver ay kasabwat nila,"** panimula niya.

Kunot-noo niyang ikinuwento ang bawat detalye nang oras na 'yon. Hindi ko mapigilan ang mainis. Gusto ko siyang tuktukan pero nagngingitngit din ang kalooban ko dahil alam kong meron din akong sariling kasalanan.

"Nakakadiri sila," bakas talaga ang pandidiri sa mukha niya. Idinetalye niya ultimong pinakamaliit na paraan ng paghawak na ginawa nila sa kaniya.

Sumama ang mukha ko sa galit. **"Kung hindi ako tumawag, ano sa tingin mo ang lagay mo ngayon?"** tiim-bagang na tanong ko.

Naibaba niya ang paningin. **"Thank you, dahil dumating ka."**

"Hindi ko kailangan 'yan, Taguro. Sagutin mo ang tanong ko. Kung hindi ako tumawag, ano sa tingin mo ang lagay mo ngayon??"

"Na-rape na siguro ako," tugon niya. Napapikit ako sa inis. Pakiramdam ko ay sumasakit ang sentido ko sa sobrang badtrip.

"Gusto kitang kotongan, Taguro." Naglapat ang mga labi ko. Naitikom naman niya ang labi niya. **"Kung hindi mo ako pinigilan ay paniguradong nabaril ko na ang isa sa mga iyon."**

"'Wag mong gagawin 'yon, pwede kang makulong."

"Wala akong pakialam, Taguro. Ayaw kong may mangyari sa 'yo. Hindi ko matatawag na aksidente 'yon, nangyari 'yon dahil sa kasalanan nating pareho. At hindi ko mapapatawad ang sarili ko kung napahamak ka."

"Again, I'm sorry. But I'm okay now, babe. Thanks to you," maangas na namang dahilan niya. **"Gusto mo na naman ba ng kiss kaya naggagalit-galitan ka na naman?"**

Nabigla ako sa tanong niya. Napatitig kami sa isa't isa tsaka ako ngumuso. **"Tch! Ganiyan ba ang tingin mo sa 'kin?"**

"Oo," inosente niyang tugon. **"Adik ka sa kiss."**

"Ano?"

"Tss, bakit? Hindi ba?" nakangising tanong niya. **"Halos makatulugan ko na nga 'yong halik mo kagabi. Nag-aaway na't lahat, kiss pa rin. Kung busalan ko kaya 'yang bibig mo?"**

"Eh, di parang sinabi mo na rin na ayaw mo nang hinahalikan kita?" inis akong kumalas sa yakap niya. **"Pwede mo namang sabihin kung ayaw mo talaga."**

"Galit ka ba?"

"Oo."

"Kinakabahan kasi ako sa t'wing hahalikan mo ako." Tumingin siya sa akin. **"Sa mga pinapanood kasi ni Naih, sa kiss nagsisimula lahat—"**

"Hep!" pinigilan ko siya. Tinakpan ko ang ilong at bibig niya para hindi siya makahinga. Alam ko kung ano ang iniisip niya. At hindi ako

interesadong marinig ang mga iyon. **"Wala ka bang tiwala sa 'kin?"**

"Meron naman."

"Wala kang tiwala sa 'kin."

"Hindi ako matutulog sa tabimo kung wala akong tiwala sa 'yo, Sensui."

"Sige, hindi na mauulit," mapaklang tugon ko saka umastang tatayo na pero pinigilan niya ako. **"Nabastos yata kita. Sorry."**

"Hindi naman sa gano'n."

"Okay lang," mapait kong sambit. **"Tara na sa 'baba, kumain na tayo. May lakad ka pa, 'di ba?"**

"Pinapaalis mo na ba ako?"

Tch! **"Hindi, ah."**

"Parang gano'n kasi ang dating sa 'kin," mapakla na ring aniya saka pinagulong ang sarili papaalis sa kama.

Agad akong nilamon ng konsensya. Lumapita ako at hinila siya paupo sa kandungan ko. **"Babe,"** pinaglaro ko ang aking ilong sa pisngi niya. **"Hindi naman kita pinapaalis. Kung papayag ka nga lang, gusto ko dito ka na sa 'kin tumira."**

Ngumiwi siya. **"Sa 'yo? Tss."**

"Oo. Dito ka na lang sa bahay. Ipapaayos ko 'yong guest room para maging kwarto mo."

Humalakhak siya. **"Hindi na. Ang laki-laki ng mansyon namin, eh."** Umiral na naman ang kayabangan niya.

"Pero 'wag mo isiping pinapaalis kita, hindi gano'n 'yon."

"Alam ko. Sinabi mo lang naman 'yon dahil naiinis ka sa 'kin."

"Hindi."

"Gano'n 'yon!" aniya saka tinuktok ang noo ko. **"Dahil sinita ko 'yang pagiging adik mo sa kiss!"** Ngumuso ako. **"Tss, kita mo na?"**

"Eh, bakit kasi parang ayaw mo nang hinahalikan kita? Alam mo ba kung gaano ako kasaya kapag ginagawa ko 'yon?"

"Malamang, alam ko! Kung panggigilan mo nga 'yong labi ko, eh. Tss," pahina nang pahinang singhal niya.

Hindi ko napigilan ang mangiti. *Napapansin din pala niya? Bwahahaha.* **"Hindi ko maiwasan, eh,"** napapahiyang tugon ko, hindi sinasadyang mapatitig sa kaniyang labi.

"Oh, 'ayan na naman."

"Hehe! Isa lang, babe? Hindi ko kakagatin ang labi mo. Pero sa susunod ay gagawin ko uli 'yon."

"Sige, sa isang kondisyon."

"Ano na naman 'yon?" singhal ko.

"Sumama ka sa 'kin."

"Sige ba, saan?" natutuwang tugon ko.

"Dadalhin natin si Heurt sa TB."

"Sige, hehe! Hahalikan na kita, ah?"

Nanlumo siya. **"'Wag mong kakagatin ang labi ko."**

"Sige, 'yong dila na lang."

"King ina," 'ayun na ang nagbabantang tinig niya. **"Ayaw ko na! Nakakadiri ka! Tara na! Nagugutom na ako!"** singhal niya saka tumayo.

Napanguso ako. *Ayaw niya talaga sa halik ko. Tsk! Nahahati na naman sa dalawa ang puso ko, at magiging 1/2! Tapos 1/4! Tapos 1/8! Badtrip!*

Sumimangot ako saka tumayo. **"Alis d'yan!"** Lalo akong ngumuso. **"Nagsepilyo ka naman, ayaw ka pa ring halikan!"** Kunyari ay kausap ko ang sarili. **"Tapos sasabihing mahal ka? Tch! Nasaan ang pagmamahal do'n!"**

"Tss. Para kang bata."

Sinamaan ko siya ng tingin. **"'Wag mo 'kong didikitan, ah? Ayaw mo sa 'kin, eh."**

"Woi, 'wag ka ngang umarte? Magagalit na talaga ako, Enrile." Seryoso na siya.

"Halikan mo na kasi ako, del Valle!" nagmamakaawa akong ngumuso. Sinamaan niya ako ng tingin. **"Isa lang naman! Gaano ba kahirap para sa 'yo na gawin 'yon? Pinasasama mong parati ang loob ko!"**

"Grabe..," dinig kong bulong niya. **"Para sa halik, aawayin mo ko? Tsk tsk."**

"Hehe. Hindi na, babe." Sumenyas ako ng isa matapos siyang iharap sa akin. Inilapit ko na ang mukha ko at hindi na siya binigyan ng oras para makapagsalita pa. Siniil ko ang labi niya nang napakatamis na halik, ako ang kinikilig.

Bwahahaha! 'Ayan na ang mga puso! Nagdidikit-dikit na!

Gusto kong matawa nang makitang nakapikit pa rin siya matapos kong bitiwan ang kaniyang labi. **"Hoy, Taguro, tapos na,"** bulong ko. Nagmulat agad siya ng mata. Lalo pa 'kong natawa nang pamulahan siya ng mukha. **"Ngayon ka tumanggi sa 'kin. Dali! Pagbibigyan kita."**

"Tss."

"Bakit namumula ka?"

"Hindi, ah. Rosy cheeks lang talaga ako."

"'Sus! Gusto mo pa, 'no?"

"Hindi, ah. Tss. Tara na nga!" singhal niya saka nagpaumunang lumabas. Ngingisi-ngisi naman akong sumunod.

Kompleto na ang lahat nang makababa kami. Sinalubong agad nila kami ng nagtatamisang mga ngiti. Sandali kaming nakipagbatian. Palibhasa'y maganda ang gising ko, isa-isa ko silang nilapitan at ginawaran ng halik sa pisngi.

Inalalayan ko paupo si Taguro. Nakangiti siya kay RD. **"Gusto mo rin niyan, babe?"** pabulong na tanong ko. Sinamaan niya agad ako ng tingin kaya ngumuso ako. Humarap ako kay mommy na nakangiti na agad kay Taguro. **"Hi,mommy!"** papansin ko. **"Sasamahan ko si Taguro, mom. Ihahatid niya 'yong mommy niya sa The Barb."**

Excited na tumango-tango si mommy. **"Sure, baby. Basta mag-iingat kayo,"** naniniguro niyang sinabi ang huli. Talagang nag-alala siya sa nangyari kay Taguro.

"Sana pumayag din siya na mag-date kami pagkatapos. Tapos sasamahan ko rin siya sa Thursday, exam niya."

"Gusto mo bang sumama?" tanong ni Taguro.

Nagliwanag ang mukha ko. **"Oo naman! Sino naman ang tatanggi na makasama ka?"** Wala pa man ay excited na ako. Magandang ideya siguro ang halikan siya t'wing umaga, gumaganda ang mood niya.

"Tss," singhal niya saka iiling-iling na natawa.

"Sisilipin sana kita, Deib Lohr," sumingit sa usapan si daddy. Nakangiti ko siyang nilingon. **"Naka-lock ang pinto mo."**

Nakanguso kong nakamot ang sentido. **"Doon kami natulog ni Taguro sa kwarto ko, dad. Alam ko namang may susi kayo ini-lock ko. Nag-usap kasi kami,"** pahina nang pahinang tugon ko. Ibinaba ni daddy ang binabasang dyaryo saka deretsong tumingin sa 'kin. Napanguso na agad ako.

"Alam mo naman kung saan nanggagaling ang galit ng lolo mo, hindi ba?"

"Yes, Dad."

Tiningnan ako nang deretso ni daddy. Makahulugan ang tingin na iyon at naiintindihan ko. Saka niya nilingon si Taguro na deretso na ring nakatingin

sa kaniya. **"Kumusta ang pagtulog mo, hija?"**

"Ayos naman ho, Mr. Enrile, salamat."

"Anak, hindi mo na ako dapat tinatawag sa pormal na paraan. Mas magugustohan ko kung tatawagin mo akong daddy o tito."

Nahihiyang ngiti lang ang isinagot ni Taguro, saka palihim na inismiran ako nang magtama ang paningin namin. Naalala ko tuloy nang tawagin siyang daddy ni Taguro kagabi.

Naging masaya ang agahan. Bida na naman kaming dalawa ni *Noona*. Lalo akong natuwa dahil tuwang-tuwa si Taguro habang nilalaro si RD. Alas onse na nang makapaghanda kami paalis.

"Wow!" Hindi ko naitago ang paghanga nang makitang naka-dress si Taguro. Isa marahil sa mga pinamili niya. **"'Yan ang gusto kong suot mo. 'Yong komportable tayong pareho."** Lumapit ako upang yumakap at bahagya siyang isayaw. **"Babe, amoy babae ka, hehe."**

"Dahil babae ako."

"Alam ko. Kaya nga girlfriend kita."

"Tara na." Kusa siyang kumalas sa yakap ko. Ngumuso ako at nagkamot ng ulo. Napakabilis talagang magbago ng mood niya. **"Mag-commute tayo, ah?"**

Nangunot ang noo ko. **"Ano ba ang meron d'yan sa pagko-commute at gustong-gusto mo?"**

"Dahil alam kong hindi ka pa nakakasakay sa jeep."

"Oo, at nang dahil sa nangyari sa 'yo, ayoko na lalo!"

"Ngayon lang naman. Papunta't pauwi."

"Tch." Bigla akong nainis.

"'Wag ka nang magalit, babe. Igagala kita pagkatapos." Alam niya talaga kung paano akong paaamuin.

"Talaga? Saan naman?"

"Sa lugar na alam kong hindi mo pa napupuntahan." Kumindat siya. **"Matutuwa ka ro'n."**

"Sige, hehe!" Kakaibang tuwa ang umusbong sa dibdib ko. Wala pa man siyang nababanggit na lugar ay excited na ako. Gusto ko nang mapuntahan agad ngayon.

Matapos magpaalam ay umalis na kami. Hawak-kamay kaming naglakad. Nagkukwentuhan kami nang pumara siya ng jeep. Inalalayan ko siyang sumakay.

Masikip. Dikit-dikit. Mainit. Nakayuko. At hindi ako nababagay sa jeep. Kinailangan kong isiksik ang sarili ko sa tabi ni Taguro at sa tabi ng isa pang babae. Pakiramdam ko ay nakaupo na ako sa sarili kong paa dahil sa sobrang sikip.

"Ano ba naman 'to?" pigil ang inis na bulong ko. Nginitian niya lang ako. Ang bawat pumapara ay nalilingunan ko sa sobrang lakas ng boses. May mga nakikisuyong mag-abot ng barya, pero hindi ko malaman kung ano ang gagawin kaya iniiwasan ko silang tingnan.

Pinalipat ako ni Taguro sa harapan niya nang may bumaba. Lalo akong nainis. Halos lahat kasi ng babaeng nakasakay ay nasa akin ang paningin. Panay ang papuri ng mga babaeng iyon sa hitsura ko. Paulit-ulit nilang sinabi kung gaano akong kagwapo. At may isa pang nagsabing maswerte raw si Taguro. Nakanguso kong itinutok ang paningin kay Taguro. Mukhang wala man lang siyang pakialam, walang naririnig.

Tch! Ang hitsura na 'to, Taguro, kaselos-selos! Kapag may lumingon sa 'kin, dapat lang na magselos ka! Manhid!

May minsan pang nagtulakan ang mga babae, animong kinikilig pa. Tuloy ay lalo kaming nagkadikit ng estudyanteng katabi ko. Matapos no'n ay nagtuksuhan sila na gumawa ng ingay.

Yumuko ako papalapit kay Taguro at hinawakan siya sa kamay. **"Ayaw ko na dito,"** nakangusong sabi ko. Ngumiti siya at hinaplos ang mukha ko. Napangiti ako. In love talaga sa akin ang babaeng ito.

Hinawakan ko ang kamay niya. **"Saan tayo mamaya, babe?"** Bigla ay nagtilian ang mga babaeng nakarinig sa tanong ko. Sininghalan ko sila ng tingin.

"Ang gwapo mo, kuya!" anang isa. **"Manong, para!"** sigaw niya saka nagmadaling bumaba kasunod ang mga kaeskwela.

Nagkatinginan kami ni Taguro at sabay na natawa. *Alam na alam ko na 'yan simula pa pagkabata. Hehehe! 'Wag kang mag-alala, hindi lang ikaw ang nakakakita niyan.*

Gusto kong sabihin kay Taguro ang laman ng isip ko pero masiyadong marami ang nakatingin sa 'kin. Punong-puno ang jeep. Sa tingin ko ay sa bus dapat sumasakay ang mga tao rito dahil napakarami nila.

"Dito ka," anyaya ko kay Taguro. Saka ko siya inalalayan paupo sa tabi ko. Natigilan ako nang sumandal siya sa 'kin at ipatong ang kamay niya sa kandungan ko.

Sa tingin ko ay magandang ideya nga ang pagdyi-jeep! Kailangan naming gawin 'to araw-araw dahil dumidikit siya sa 'kin nang kusa! Bwahaha! Ang mata ng mga tao ay naghuhugis puso.

Mas sumandal pa siya nang akbayan ko siya. **"Mukhang mas gusto ko nga dito, babe,"** nakangising bulong ko. Hindi na ako umasang sasagot siya, pero nag-asam ako ng ngiti niya bilang tugon. Nadismaya tuloy ako nang makitang blanko na naman ang kaniyang hitsura. **"Kung alam ko lang na didikit ka nang ganito kalapit, eh, di sana matagal na tayong nag-jeep."**

"Nakaka-miss kasi 'yong ganitong byahe. Isa pa, mahal na ang gas."

"'Sus, gusto mo lang 'kamo akong ipagyabang. Naiintindihan naman kita."

"Anong ipagyabang?"

"Tch! Kitang-kita ko naman na marami ang kinikilig sa 'tin." Palihim kong sinulyapan ang mga taong kanina pa nakangiti sa panonood sa 'min. **"Niyaya mo 'kong mag-jeep para ipaalam sa kanilang sa 'yo ako."**

"Guni-guni mo lang 'yan, Sensui," walang emosyong aniya, hindi man lang kiligin.

Panay ang lingon niya sa labas. Hinawakan ko ang kamay niya at inihaplos 'yon sa mukha ko. Tama nga siya. Kung nasa sasakyan kami ay hindi magiging madali para sa 'king gawin 'yon. Kailangan ng mga manibela ang parehong kamay ko. Mas tutok din sa daan ang atensyon ko.

Wala akong ginawa kundi ang kulitin siya. Panay ang sundot ko sa mukha niya. Tuloy ay umalingawngaw ang impit na kilig ng mga babae. Natawa na lang ako. Ipinagpasalamat ko naman 'yon dahil naagaw nila ang atensyon ni Taguro. Dahil do'n ay nakangisi niya akong inilingan.

"Manong, para!" parang lalaking ani Taguro. Agad na huminto ang jeep. Nagtilian na naman ang mga babae nang alalayan ko siyang bumaba. **"Grabe ang epekto mo sa mga babae, Sensui."**

"Oo, at hindi mo nakikita 'yon, Taguro. Kakaiba ka."

Dumeretso kami sa coffee shop ng TB. At gaya ng inaasahan ay sinalubong kami ng mga bakla. Natanaw rin agad namin si Heurt na nasa unahang couch. Nakipagbatian muna kami sa mga bakla na kaibigan ni Taguro bago lumapit sa kaniya.

"Pasensya na kung ngayon lang kami." Naupo si Taguro sa harap ng ina.

"Ayos lang. Nalibang ako sa paghihintay. Napakaganda ng lugar na ito." Nilingon ako ni Heurt. **"It's nice to see you again."**

"Nice to see you too, tita," walang paglagyan ang ngiti ko. Sa simpleng bagay na 'yon ay sumasarap ang pakiramdam ko.

"Dito ka nagtatrabaho noon, Maxpein?"

"Oo, at dito kita ipapasok."

"Salamat," sinserong tugon ni Heurt. Nagniningning ang mga mata niya habang nakamasid kay Taguro na nilingon naman si Beka na nasa counter.

Eksaktong lumabas sina Barb at Jep upang hatiran kami ng coffee at cakes. **"Si Barb ang boss dito. Si Jep naman ang kaniyang kasosyo."** Nakipagkamay ang dalawa kay Heurt. **"Siya si Heurt."**

Gulat kong sinulyapan si Taguro. *Hindi niya ba talaga tatawagin man lang ng nanay o mommy? Mama? Inay? Tch! Napakabastos niya.*

"Ikinagagalak kong makilala kayo," ani Heurt.

"Isa ako sa may ari ng TB." Hindi ko inaasahan ang sinabi ni Taguro. Gulat namin siyang nilingon ni Heurt. **"Ang totoo, sa ngayon ay ako ang may ari ng TB."**

Hindi ko naiwasang humanga. **"Hindi mo sinabi sa 'kin 'yan, babe?"** bulong ko. Hinawakan niya lang sa ilalim ng mesa ang kamay ko.

"Pero kailangan mong kalimutan ang bagay na iyon," patuloy ni Taguro. **"Sina Barb at Jep ang magiging boss natin dito. Sila ang itituring mong boss at hindi ako."**

"Maaari ko bang malaman kung bakit?" tanong ni Heurt.

"Pinahiram ko lang sila ng kapital. Kasalukuyan nilang binabayaran sa akin iyon. Ititira nila ang bahagi ko. At kapag nangyari iyon ay kaming tatlo na ang may ari ng The Barb."

"Hindi ko akalaing sa edad mong iyan ay may ganitong klaseng business ka na. Kahanga-hanga." Inilibot ni Heurt ang paningin. Bakas talaga sa mukha niya ang paghanga para kay Taguro. Ako man ay bumilib at namamangha.

Bumibilib din ako sa t'wing magiging pormal ang paraan ng pakikipag-usap niya. Wala pa ring po at opo. Pero sa sobrang pormal ng tono at pananalita niya ay nangingibabaw na ang paggalang. Nandoon din ang awtoridad. Siya lang ang kilala kong nakagagawa nang ganoon kakomplikadong bagay.

"Si Heurt ang papalit sa 'kin," bumaling si Taguro kina Jep at Barb. **"Lahat ng trabaho na nakaatas sa 'kin noon ay ibibigay ninyo sa**

kaniya. Mahirap o madali, 'wag kayo mag-alinlanga na ibigay sa kaniya." Nagkatinginan ang dalawang bakla, nabahala. **"'Wag kayong mag-alala, wala kami masiyadong pinagkaiba."** Sinulyapan ni Taguro ang ina. **"Malaki ang sahod dito, Heurt. Sa tingin ko ay makakabili ka ng bagong at mamahaling sasakyan sa loob ng dalawang taon kapag nakapag-ipon ka."** Ngumiti siya. **"Dinodoble ni Barb ang bayad kapag nag-overtime t'wing holidays. Pareho silang wala ni Jep sa mga araw na iyon. Nagbibigay rin siya ng bonus kapag may okasyon, at iba pang bonus depende sa ganda ng pagtatrabaho mo. Sa tingin ko ay malaking tulong ito para sa 'yo, at para makapag-aral ang mga anak mo."**

Tch. Bakit hindi na lang ang mga Moon ang magpaaral sa mga anak niya? 'Sabagay, kung wala ngang pinagkaiba si Taguro sa Nanay niya, sa tingin ko ay hindi ko na kailangang magtaka. Paniguradong may sarili rin siyang paniniwala na dapat niyang sundin dahil iyon ang sa tingin niyang tama. Hindi na ako nakialam pa sa usapan nila.

"Kailan ako makapagsisimula?" tanong ni Heurt.

"Hindi na nagtatrabaho rito sina Max at Naih," nakangiting ani Jep. **"Mas maganda kung makapagsimula kayo sa lalong madaling panahon."**

"Kung ganoon ay magsisimula na ako bukas na bukas."

Sandali pa silang nagdiskusyon tungkol sa mga patakaran bago kami lumipat sa restaurant ng TB. Ipinaghanda kami ng pagkain nina Jep at Barb.

"Kumusta ang inuutos sa 'yo ni Chairman?" tanong ni Taguro sa kalagitnaan ng pananganghalian.

"Nagawa ko na lahat. Salamat," nakangiting tugon ni Heurt. Napakapormal pa rin ng paraan ng pag-uusap nila. Nakakailang iyon sa parte ko. Gayunman, nakinig na lang ako.

"Kumusta ang salo-salo na dinaluhan ninyo?"

"Nakilala ko ang lahat ng dapat kong makilala."

"Ah, talaga?" nag-angat ng tingin si Taguro at sumandal sa kinauupuan. Nilingon ko siya. Nagniningning ang mga mata niya habang nakatingin sa ina, bagay na hindi ko maintindihan.

Ano kaya ang pinag-uusapan nila?

Hindi na nawala pa ang nagniningning na mata at ngiti sa labi ni Taguro sa isip ko. Parang sa pamamagitan ng mga titig nila sa isa't isa ay nagagawa nilang makapag-usap nang sila lang ang nakaiintindi. Hindi ko alam kung paano nila nagagawa iyon. Gusto ko siyang tanungin pero ayaw kong

makisabat sa usapan. Nagtuloy na lang ako sa napakasarap at malasang seafood na inihain nila.

HINDI ko maipaliwanag ang naghahalong kaba at excitement sa dibdib ko nang muling dumating ang unang araw ng klase. Maaga akong nagising. Hindi ako sigurado kung sapat ba ang naitulog ko, masiyado iyong mababaw.

Sa nagdaang tatlong linggo ay madalang kaming nagkita ni Taguro. May pinagkakaabalahan siya na halatang ayaw niyang ibahagi sa 'kin. Ipinagtatampo ko ang kawalan niya ng oras sa 'kin pero agad din iyong nawawala oras na maglambing siya.

Ginawa ko ring abala ang sarili ko sa pakikipagkita ng palihim kay Mokz. Nag-aral ako ng basic martial arts at kahapon ang huling araw ng ensayo ko.

"Napakahusay mo, Deib Lohr. Sa tingin ko ay magtatampo si Maxpein kapag nakarating sa kaniya ito." Naalala ko pa ang sinabi ni Mokz. Hindi ko maiwasan ang mangiti habang inaayos ang uniporme ko. Sa tingin ko ay mas lumaki na rin ang katawan ko kumpara nang huling beses na makasama ko si Taguro. Nang sandaling sabihin niyang namayat ako.

Bumaba ako at sinalubong agad ni manang. Kaming dalawa lang ang tao rito. Sa mahigit isang buwan na nakalipas, ngayon pa lang uli nahikayat ni daddy na pumunta sa Medical Missions si mommy. Sa linggo ring iyon ang balik nila. Si *Noona* naman ay may isang linggo nang nakabalik sa sariling bahay kasama ang mag-ama.

"Napakaaga mo naman, hijo? Ang sabi mo ay alas nuebe ang unang klase mo?" bungad ni manang.

"Good morning," bati ko saka naupo. **"Dadaanan ko si Taguro, manang. Ngayon lalabas ang resulta ng exam niya kaya late siyang papasok."**

"Gano'n ba? O, sige, kumain ka na riyan at marami pa akong labahin, ha? Magpaalam ka sa 'kin bago ka umalis."

"Salamat, manang." Nakangiti kong tiningnan ang masarap na agahan. *Sa wakas ay makikita na uli kita araw-araw, bwahaha! Hindi ka na makakapagtago sa 'kin ngayon, Taguro. Makikita ko na ang bawat kilos mo. Hehehe!*

Isa siya sa dahilan kung bakit na-e-excite ako. Bakasyon nga pero hindi ko siya halos nakasama dahil sa pinagkakaabalahan niya. Noong una ay 'yong exam ang dahilan niya. Noong ikalawa ay hindi na siya nagsabi pa.

Hindi ko talaga maiwasan ang hindi magtampo dahil pakiramdam ko ay pinababayaan niya ang puso ko.

Iyon nga lang, bawing-bawi siya sa t'wing makikipagkita. Gaya na lang noong magpasama siya sa akin sa TB upang bigyan ng trabaho si Heurt. Nag-date kami matapos no'n. Marami siyang ipinaparamdam sa 'kin nang araw na 'yon. Kung saan-saan niya rin ako dinala. Wala akong reklamo maski isa dahil kulang na kulang ang salitang masaya kapag siya ang kasama. Iyon nga lang, hindi na iyon naulit.

Siya iyong tipong umaalis tapos ay biglang susulpot. Maglalambing pero mayamaya ay wala nang modo. Madalas pa rin siyang seryoso at walang reaksyon. Pero sa t'wing magkasama naman kami ay may nakikita akong pagbabago kaya natutuwa pa rin ako. Mas naging sweet na siya kompara noon. Madalang na nga siyang maglambing, panay pambabara pa ang sagot.

Lahat ay sariwa pa sa isip ko. Lalo na 'yong huling gabi na dito siya natulog. *Tch! Hindi ko pa rin makalimutan na muntik na siyang...tsk!* Pero kahit ano yata talaga ang inis o galit na maramdaman ko ay hindi iyon nagtatagal. At kahit wala akong gawin ay kusang nawawala. Gano'n ang epekto ni Taguro sa akin. *Ilang araw rin kitang hindi nahalikan. Yari ka sa 'kin mamaya.*

"Hijo, iyong bagong sasakyan ba ang gagamitin mo?" tanong ni manang. Iyong regalo ni Chairman Enrile ang tinutukoy niya.

"Yes, manang."

" Galingan mo sa unang klase, Deblor."

"Thanks, manang."

Nakangiti kong pinagmasdan ang kotse. Ilang beses ko na iyong nagamit pero ngayon ko lang dadalhin sa school.

Matutuwa siguro si Taguro kapag nakita ito.

Dahil may usapan kami ni Taguro ay sa kanila ako dumeretso matapos dumaan sa flower shop. Tuloy ay panay ang panunukso ni Yaz nang pagbuksan ako.

"Where's Maxpein?" nakangiting tanong ko.

"Naku, mataas ang lagnat no'n kagabi kaya napuyat kaming pareho. May lakad siya kahapon, gabi na nang makauwi. Inabutan ng malakas na ulan."

Tumaas ang kilay ko. **"Saan siya nanggaling?"**

"Somewhere with her friends, maybe? Lasing, eh."

Napabuntong-hininga ako at pilit na ngumiti. Saka ako nagpaalam na pupuntahan si Taguro sa kwarto. *Hindi ko inaasahan na ganito ang ginagawa mo sa kabila nang hindi pakikipagkita sa 'kin, Taguro!* **"Taguro?"** kinatok ko ang pinto. Nakangiti siyang sumilip sa akin. Magulo pa ang buhok. **"Bilisan mo."**

Nangunot ang noo niya. **"Bakit galit ka?"**

"May hindi ka sinasabi sa 'kin," tiim-bagang na sabi ko.

Ngumuso siya at pinagbuksan ako. **"Tuloy."**

Lumapit agad ako at kinapa ang kaniyang leeg at noo. **"Tsk tsk. May lagnat ka pa rin?"** pinagkunutan ko siya ng noo. **"What happened to you last night? Where have you been?"**

"Nagkayayaan lang kami ng high school friends ko."

"Hindi ka nagpaalam sa 'kin."

"Tss. Kailangan ba namang pati 'yon ay alam mo pa?"

"Hindi. Pero natural na mag-alala ako dahil umuwi ka nang lasing at nilagnat pagkatapos. Alam mo nang sakitin ka, nagpaulan ka pa. Uminom ka na ba ng gamot?"

"Tapos na."

"'Wag ka nang pumasok."

"Papasok ako."

"Hindi na. Kunin na lang natin ang resulta ng exam mo. Tapos ihahatid ulit kita pauwi," giit ko. **"'Wag matigas ang ulo, Taguro."**

"Gusto kong makita si Chupan," nakangising tugon niya. Hindi ako kumbinsido. **"Papasok ako, Sensui, gusto kong pumasok."**

Napabuntong-hininga ako, pigil ang inis. **"Sige. Pero pupuntahan kita at ako ang magpapainom ng gamot sa 'yo, okay?"** paniniguro ko. Tumango siya. **"Ang sarap mong batukan, babe. 'Wag ka nang magpaganda dahil hindi naman kailangan 'yan sa school."**

"Hindi ako nagpapaganda!"

"'Yon ang nakikita ko. Tch. 'Wag kang magsinungaling, Taguro."

"Taguro mo, mukha mo," dinig kong bulong niya. Nakangisi ko siyang sinunggaban. Inipit ko ang mukha niya ng pareho kong kamay. **"Aray naman!"**

"Anong sabi mo?" nakangising tanong ko. **"Mukha ko?"**

"Hindi, ah."

"Narinig kita, Taguro."

"Biro lang 'yon—"

Hindi niya na natapos ang sasabihin matapos ko siyang halikan. Hindi ko maiwasan ang mangiti habang marahan kong sinisiil ng halik ang pang-itaas niyang labi. Ang dalawang kamay niya ay humawak sa magkabilang braso ko na animong paghahanda sa pagtulak sa 'kin kapag lumalim ang paghalik ko.

Kinakabahan na naman siya. Gusto kong matawa. Nararamdaman ko sa balat ko ang pintig sa pulso niya, at napakabilis niyon. Mahigpit din ang pagkakahawak niya sa braso ko. Kung mahaba ang kaniyang kuko ay paniguradong masusugatan ako.

Isinampay ko ang pareho niyang braso sa batok ko. Ako rin ang nagpoposisyon sa kaniyang mukha. Para na naman akong nakahiga sa ulap sa magandang pakiramdam. Hindi ako makapaniwalang nahahalikan ko na ngayon si Taguro, at kinakabahan siya sa ginagawa ko.

Gusto kong matawa nang bitiwan ko ang labi niya. Nanatili siyang nakapikit at nakamaang. Hindi man lang niya naramdaman ang paglayo ko, masiyadong nalunod sa halik.

Hindi ba siya makaramdam kapag tapos na? **"Babe,"** pagtawag ko.

Doon lang siya nagmulat, nagugulat. **"Ha?"**

"Tch. Bilisan mo, baka ma-late ako." Kunyari akong nagsungit. Palihim akong ngumisi nang mag-iwas siya ng tingin. **"Namumula ka, Taguro."**

"Hindi, ah."

"I love you." Yumakap ako sa kaniyang likuran. **"Tsk, ang init-init mo. Baka kumbulsiyunin ka sa school niyan?"**

"Grabe naman? Uminom ako ng gamot." Naiilang pa rin siya.

Hinintay ko siyang matapos saka kami sabay na bumaba. Gaya ng inaasahan ay natuwa nga siya matapos makita ang bago kong sasakyan.

Pareho kaming sabik na pumasok. Hindi mawala ang pagngiti namin habang nagkukwentuhan sa daan. Nakakatuwa ang gano'ng pakiramdam. Dumaragdag siya sa inspirasyon ko.

NAIH'S POV

"SENIORS na tayo!" palahaw ni Michiko nang makapasok kami sa bagong classroom. Iyon 'yong dating homeroom nina Lee.

"At kailangan mo talagang magdiwang dahil matapos ang dalawang taon mo sa pagiging junior ay nag-level up ka na rin!" biro ni Migz.

"Ang mean mo!"

"*Jiji* lang, 'te! Hahaha!"

"Hoy, Migz, 'wag kang ganiyan, ah! Baka nakakalimutan mong repeater din kami ni Maxpein noong third year," nakangusong sabat ko.

"At mukhang magte-third year na naman ang Maxpein!" pinandilatan ako ni Migz. **"'Taray, ah? Nag-masters?"**

Nagtawanan kami. **"'Wag ka ngang okray, Migz? Kahit gano'n ang baklang 'yon, pang-college level naman ang utak!"** sabat ni BJ.

"Ah, gano'n? Naging seniors lang tayo, hindi na ako pwedeng magbiro? Gano'n?" singhal ni Migz. Lalo pa kaming nagtawanan. **"'Kaloka! Parang hindi na nauso ang biro sa inyo ng baklang 'to!"** itinuro niya pa ang sarili.

Hindi nila alam na mamaya ay darating si Maxpein. Syempre, sa sobrang kayabangan niya ay ayaw niyang ipasabi.

Kung ako ang walang first day of class last school year, siya naman ang wala ngayon. 'Sabagay, ang sabi niya ay male-late lang daw siya.

Napapansin kong madalas umalis si Maxpein nang mga nakaraan. Hindi na lang ako nag-usisa dahil alam kong may kinalaman iyon sa nangyari sa Palawan.

Umuwi kami ni ate sa Cebu. Natakot kasi kaming pareho at hindi panawan ng kapraningan. Hindi na sana namin ipapaalam kina mommy't daddy ang nangyari. Pero naunahan kami ng mga Moon, humingi sila ng pasensya sa mga magulang namin. Nakakatakot at nakaka-trauma talaga. Pero paniguradong mas matindi ang epekto no'n sa mga kaibigan naming nakasaksi talaga. Nasa loob kasi kami ng hotel nang mangyari ang putukan.

Hindi ko tuloy naiwasang maalala si Lee. Alalang-alala siya sa 'kin no'n. Dahil nagtatakbo ako at nanginginig sa takot nang makarinig ng putukan. Inilabas ko an cellphone at nakangiting nag-text sa kaniya.

Compose Message

To: My Leerrot <3

Hello, my handsome sweetie! Kumusta ang mga chicks diyan? May mas gaganda pa ba sa 'kin? I miss you! J

Message Sent!

07:58AM

One Message Received

From: My Leerrot <3

I'm busy. Later.

08:02AM

"Psh," nakanguso kong isinilid ang cellphone.

Babaling pa sana ako upang makipagdaldalan sa mga kaibigan ko nang pumasok ang lecturer. Nanlaki ang mga mata ko nang makita si Miss Agaser. Ang dinig ko ay terror ang lecturer na ito.

"Good morning, class!" bati ni Miss Agaser.

Dali-dali akong bumalik sa napili kong silya. Gaya ng dati nasa hulihan iyon. Kailanman ay hindi ko nagustohan na maupo sa unahan. Nahihirapan akong huminga kapag hindi ako dumaraldal.

"My name is Miss Agaser," nakangiting pakilala nito. **"I am sure that most of you are familiar to me. Except those who are not yet in their uniforms,"** patungkol niya sa mga transferees. **"I will be your lecturer in Biology 2. Pwera na lang kung magsawa kayo sa mukha ko at layasan ako."** Nagtawanan ang buong klase. **"I am not joking,"** seryosong aniya kaya nahinto ang lahat. **"Ako ang masusunod sa klaseng ito. Ayoko nang may sumasabay sa akin kapag nagsasalita ako. Ayoko nang natutulog sa klase. I know you're scared, you should be, because I am very strict when it comes to teaching. Lalo na kung babagsakin naman talaga."** Bumuntong-hininga si Miss at sumandal sa mesa. **"Maraming pasaway sa nakaraang batch, masakit sa ulo. May estudyante akong sigaw nang sigaw sa klase ko, akala mo binabangungot nang gising! Sana ay maiwasan natin 'yan ngayon, makakaasa ba ako?"**

"Yes, miss!" sabay-sabay na tugon ng klase.

Tumango siya. **"Sa loob ng isang taon ay sinisiguro kong hindi bababa sa limang notebooks ang magagamit niyo. Yes, madalas akong magpasulat. Araw-araw ay may quiz din ako. But don't worry, hindi lumalampas ng twenty items ang mga iyon,"** paniniguro niya. **"Madalas ay may seatworks at laging may assignments,"** agad naman kaming nanlumo. **"One more thing,"** muling nagpalakad-lakad ang lecturer sa harapan. **"Ayoko sa lahat, iyong late!"**

Ngunit gano'n na lang ang gulat ng lahat nang may sunod-sunod na kumatok sa pinto. Napanood namin ang malalim na paghugot ng hininga ng lecturer, maging nang tumirik ang kaniyang mga mata.

Yari ka, Maxpein!

Nangibabaw ang katahimikan at tanging yabag lang ng takong ng sapatos ni Miss ang umuugong na ingay. Nakapamaywang itong lumalapit sa pintuan. Ang lahat ay napasilip sa lalaking nasa labas. Hindi ito nakauniporme.

Ilang segundo silang nagtitigan ni Miss Agaser. **"Do you belong in this class?"** matining ang kaniyang tono

"Yes, ma'am."

"You're late!"

"Sorry for being late, ma'am." Hindi kakikitaan ng takot o kaba sa mukha at tindig ang bagong estudyante.

"Come in!"

Sumiksik naman ang lalaki upang makadaan. Saka ito huminto sa harapan at inilinga ang paningin upang maghanap ng bakanteng upuan. Bakante ang dalawang silya sa kanan ko. At ang isa ro'n ay inilaan ng isip ko para kay Maxpein.

"Excuse me?" hindi na ako nagulat nang lumapit sa akin ito. **"Is this seat taken?"**

Si Maxpein d'yan! Agad na nagtaray ang isip ko. **"Sige, umupo ka na."**

"Thanks." walang emosyong tugon niya saka naupo sa tabi ko.

Nakakainis naman! Sana ay doon siya sa kabila naupo. Baka magselos si Lee nito, eh!

"Kasasabi ko lang at uulitin ko na naman," mataray na ani Miss. **"Ayaw ko sa lahat, iyong nale-late sa klase. I will be your class adviser so you better start praying. Only prayer can overcome gigantic difficulties, trust me,"** madiin at malakas na aniya habang nakatingin sa bagong dating. Palihim ko itong sinulyapan pero mukhang balewala iyon dito, nakipagtitigan pa ito kay Miss.

Grabe. Kawawa naman 'to si kuya. Gwapo pa naman—ek! Cannot be, Zarnaih! Cannot be!

"There will be no discussions for today," ngumiti si Miss Agaser. **"I want you all to introduce yourselves individually. Let's start with you, Mr. Talucod. Mr. Agripa, you're next. By the way, kilala sa campus ang dalawang ito."**

Sana naman ay 'wag niya nang pahirapan ang huling taon ko. Gusto ko nang makalayas sa high school at makasama ang love of my life ko. Hekhek! Psh! Napaka-busy naman ni Lee, nakakainis! Wala naman siguro siyang babae ro'n, 'di ba?

"Good morning, old and new classmates!" panimula ni BJ. **"My name is—nevermind! I'm BJ Talucod, and you can call me BJ! Ah-huh! Capital B and J—BJ!"** maaksiyong aniya dahilan upang mangibabaw ang bungisngisan. **"Ako ang presidente sa loob ng klase. Wala nang botohan**

since kompleto ang dating class officers. Unless i-impeach ninyo ang beauty ko." Nagtawanan ang karamihan. **"If ever you need help, please don't hesitate to ask someone else first. Then you may come to me."** Lalong nagtawanan ang lahat. **"I was just kidding! That's all, thank you!"**

"Hi!" malanding bati ni Migz. **"My name is Gavin Migz Agripa! At hindi ko ikinahihiya ang pangalan ko, hindi gaya ng iba diyan!"** pinaringgan niya kunyari si BJ. **"You can call me Migz, ganda in short. Gaya ng sinabi ni Miss Agaser, kilala ako sa buong campus. Hindi hamak na mas kilala kompara sa iba diyan."** Nagtawanan ang buong klase. **"Biro lang! Magkaibigan kami ni BJ. At tulad niya ay pwede ninyo rin akong lapitan kapag may problema. Lalo na kapag hindi na kaya ng ganda niya. Mas mataas ang posisyon ko kaya mas maganda ako at mas maraming trabaho. Madalas ninyo ring makikita ang pagmumukhang 'to kapag may events."** Sa kisame siya nakangiti habang nagsasalita. **"Huwag kalilimutan, kung may problema—basta ba't hindi sangkaterba—lapitan, Gavin Migz Agripa!"** animong nangangandidatong aniya. Sunod-sunod na nagpakilala ang old students matapos nila. At kasunod niyon ay ang mga transferees.

"Oh, Mister!" sinenyasan ni Miss ang katabi ko. **"Ikaw na ang last, pumunta ka na rito sa unahan at magpakilala."**

Agad na nangibabaw ang bulungan, lalo na ng mga babae at malalandi kong kaklase. Halos ang lahat ay nakatingala dito.

"Ang gwapo ni kuya," bulong ni Migz habang kinikilig at tinutuktok ang sariling mesa.

Gwapo nga ito. Matangkad. Maputi. Singkit. Payat ngunit matipuno ang pangangatawan. Napakalakas ng dating at mukhang misteryoso. At higit sa lahat ay mukhang mayaman.

Sorry, but I'm taken and loyal!

"Good morning," walang emosyon nitong bati. **"My name is Lovemir Limaco,"** bigla ay pagtatapos niya.

"Iyon lang, mister?"

"Yes, ma'am."

"No. No. Wait," nakapamaywang siyang hinarap ng lecturer. **"Miss ang tawag sa mga babaeng lecturer at hindi ma'am."**

"Okay, miss." Sinabi ito iyon nang mariin.

"What school did you come from?"

"Homeschool."

"Go back to your seat." Iiling-iling itong sinundan ng tingin ni Miss.

Napakatahimik naman nito! Psh! If I know, dahil first day of class lang ngayon kaya siya ganiyan!

Gaya ng inaasahan ay ganoon ang nangyari sa buong umaga. Bawat subjects ay nagpakilala kami at habang tumatagal ay nababawasan ang sinasabi ng lahat. Nakakapagod ang magpaulit-ulit sa unahan. Sa tingin ko nga ay masasaulo ko na ang pangalan ng transferees ngayon palang.

One Message Received

From: Maxpein Dakilang Hambog <3

Woi. Papasok na ako.

12:00NN

Compose Message

To: Maxpein Dakilang Hambog <3

Magkita tayo sa canteen! (=

Message Sent!

"Paparating na ang hambog," sabi ko.

"Na-haggard ako sa pagpapakilala. Paulit-ulit, punyeta!" ani Migz habang nagpupulbos.

"Oo nga," angil ni BJ. **"Iisang klase lang naman, 'yong lecturer ang naiiba. Ano ba naman 'yong sila na lang ang magpakilala, hindi ba? Daig ko pa ang nangampanya!"** Sabay-sabay kaming um-order at naupo sa dati naming mesa.**"Anyway, 'eto ang mas nakakalokang balita! Ang Chupan, mga 'te, guro na naman natin!"**

"Oh, my god!" sabay-sabay kaming nanlumo.

"Seryoso, 'te! Siya ang lecturer natin sa World History!" naiiyak kunyaring dagdag ni BJ. **"Pati ang mukha ng lecturer, historical!"**

"Delubyo ang last year natin nito for sure," tugon ni Migz.

"Hey, 'wag nga kayong negative!" ani Michiko. **"Kung kinaya natin 'yong third year, paniguradong kakayanin din natin ngayong fourth year,"** taas-noong aniya pa.

"'Tse! Kung sa history natin last year ay 500 items ang quiz niya, ngayon daw ay 5000 na," biro ni Migz.

Nanlaki naman agad ang mga mata ni Michiko. **"Hala! Gano'n karami? Seryoso? 5000?"**

"Oo, 'te! At sa iyo pa lang daw 'yon!" nakangiwing dagdag pa ni Migz. Nanlumo si Michiko, mukhang takot na takot at paniwalang paniwala. **"My**

God, ang Michiko! Rollback, 'te? Ayaw mag-move on?"

Pare-pareho kaming nawalan ng ganang kumain sa kabila ng mga biro nina BJ at Migz, lalo na ako. Hindi ko inaasahang lecturer pa rin namin si Chupan hanggang ngayon.

Ano kaya ang magiging reaksiyon ni Max kapag nalaman niya? Psh!

Tumambay kami sa Batibot matapos kumain. **"Bago ka rito, 'di ba? Kung gano'n, kailangang mag-enjoy ka! Alam mo ba 'yong ginawa mo sa 'kin kanina?"** Nangibabaw ang tinig ng isang lalaki mula sa tagiliran namin. **"Ano, ha? Alam mo ba 'yong ginawa mo? Ha? Ha?"**

Nilingon ko ang pinanggagalingan nang nag-aamok na tinig. Natigilan ako nang makita si Lovemir Limaco na binu-bully. Pamilyar sa akin ang apat na lalaking kaharap niya.

"What do you want?" pormal na tanong ni Lovemir.

"Ganito talaga rito sa school kapag may bago! Wine-welcome!" mayabang na tugon nang nasa gitna at siyang pinakamalaking lalaki. Padarag nitong hinila ang kwelyo ng magarang polo ni Lovemir at inilapit sa mukha niya. **"Papasok ka lang dito, masiyado ka pang pumoporma? Ano ang gusto mong ipamukha sa 'min? Na mayaman ka?"** singhal nito saka ibinato si Lovemir sa semento. **"Bibihira ang mahirap dito. Pero sa datingan mo ay hindi ka basta-basta lang mayaman. At mukhang iyon ang ipinagmamalaki mo!"**

Oh, my god!

"Ako si Dambo," pakilala nito. **"Ako lang naman ang may ari no'ng sedan na inagawan mo ng parking kanina! Alam mo nang paparating ako, humarang ka pa!"**

"Do you own the road?"

"No!"

"Do you own the space?"

"No!"

"Okay," tugon ni Lovemir. Nagngalit lalo ang panga nitong Dambo. Dinampot siya nito nang parang bola at saka muling inilapit ang mukha sa kaniya.

"Bagong-bago ka dito, nagyayabang ka!"

"Let go of me," malumanay na pakiusap ni Lovemir.

My God! May kilala akong ganiyan, eh! May kilala akong ganito!

Malakas na sinapak ni Dambo si Lovemir mayamaya. Bakas ang gulat sa mukha ni Lovemir habang nakahawak sa pisngi niya at nakatanaw kay

Dambo. Nagulat maging ang lahat ng nanonood.

"'Oy!" sigaw ko. Agad akong nilingon nina Dambo. **"Ano ang ginagawa ninyo sa kaklase ko, ha? "**

"O, si Parrot pala 'to!" ani Dambo. **"Inagawan lang naman ako ng parking nitong kaklase mo! Sa apat na taon ko dito, ngayon lang nangyari iyon!"**

"Kahit pa! Hindi tama ang ginawa mo!" wala sa sariling singhal ko sabay sampal dito. *Oh, my god! Why didn't you stop me?*

Nanlaki ang mga mata ni Dambo saka hinaplos ang sariling pisngi. Mas malaki nang 'di hamak ito kompara kay Choco. May muscles ito, hindi gaya ni Choco na pulos taba.

"Loko ka, ah!" singhal ni Dambo.

Agad na tumayo si Lovemir upang harangan ako. **"I'm sorry about your parking space. It won't happen again."**

"Talagang hindi mauulit dahil hindi ka na rin papasok dito!" Muling sinapak ni Dambo si Lovemir. Sa sobrang gulat ko ay hindi agad ako nakakilos. Namalayan ko na lang ay hawak-hawak na rin ako ni Dambo sa kwelyo.

"Ano ba! Bitiwan mo ko—"

Kusa akong natigilan nang makita ko ang kamay na pumigil sa kamao ni Dambo. **"Taguro..,"** ani Dambo.

"Max..," nagsusumbong nang tawag ko.

"Ikaw na ba ang bagong siga ngayon dito?" nakangising tanong ni Max. Awtomatiko akong binitiwan ni Dambo. **"Masiyado kang malaki pero masiyado rin akong malakas."** Napaatras si Dambo. **"Pwede kitang saktan, sa kahit na anong paraan, masakit o dahan-dahan. Mamimili ka na lang. Dito. Ngayon mismo."**

Hindi na nagawang sumagot ni Dambo. Pabatong binitiwan ni Maxpein ang kamao nito saka niling saka nilingon si Lovemir na noon ay nasa semento pa rin. Nang magtama ang paningin nina Lovemir at Maxpein ay doon nakakuha ng tyempo si Dambo. Patakbo itong lumayo kasama ang mga kaibigan.

Parehong sinuri nina Maxpein at Lovemir ang isa't isa. Pwedeng gumapang ang mga langgam na nag-iimbak ng pagkain, sa kulay asul na kuryenteng dumadaloy sa pagitan ng mga titig nila. Hindi ko malaman kung masama ba ang tingin na iyon o ano.

Matapos bumuntong-hininga ay nilampasan lang ni Maxpein si Lovemir. *Ang yabang talaga ng isang 'to! Psh!*

Agad kong nilapitan si Lovemir. **"Are you okay?"**

"Yeah, thanks," nakangiting tugon niya. Nagulat siya nang maglahad ako ng kamay. Napatitig siya nang ngumiti ako. Kusa siyang tumayo at pinagpagan ang sarili. **"You're beautiful."**

"Ha?" napamaang ako. **"Naku, taken na 'ko,"** halos mautal kong sabi.

"Huh?" hindi nakuha ni Lovemir ang punto ko.

"Alam mo na," nag-iwas ako ng tingin. **"Maganda."** Hinaplos ko ang sariling mukha. **"Lapitin masyado kaya nagpapaka-honest lang."** Saka ako tumawa.

"Okay," ang tanging tugon niya. Akma niya akong tatalikuran nang masulyapan si Maxpein.

"She's my friend," nakangiting sabi ko. **"She's also our classmate, late lang siyang pumasok. Let's go?"** anyaya ko. Napatitig siya sa akin, pinakikiramdam kung sasabay ba siya o hindi.

"'Uy, pogi! Okay ka lang?" sinalubong ni Migz si Lovemir. **"Pasensiya ka na, ah? Marami talagang bully rito! Pero 'wag kang mag-alala, nandito na ang reyna! Hahaha! Ligtas ka na!"** Pinagkunutan lang siya ng noo ni Lovemir, hindi nakuha ang kaniyang biro tungkol kay Maxpein. **"Lovemir Limaco, your name sounds so good, I like it!"** Nginitian lang siya nito. Nakangiwi, napapahiyang bumaling si Migz sa amin. **"Parang may panibago tayong Maxpein. Male version!"** Nagtawanan kami.

Naupo si Maxpein sa tabi ko nang makarating kami sa classroom. Walang choice si Lovemir kung hindi ang maupo sa sumunod na bakanteng silya, sa tabi ni Maxpein. Ngunit makabubuo ng kani-kaniyang mundo ang dalawang ito. Sa sandaling iyon pa lang ay nasisiguro ko nang magagawa nilang tapusin ang buong taon nang hindi nag-uusap.

"Maxpein, this is Lovemir Limaco," pakilala ni BJ. **"Lovemir, this is our friend, Maxpein."**

Kakatwang hindi man lang kakitaan ng interes ang dalawa.

"Hi," walang emosyong bati ni Lovemir.

"Mm," ang tanging isinagot ni Maxpein. Mas walang emosyon.

Nagkatinginan kaming lahat at pare-parehong kinilabutan. *Sa tingin ko ay magkakaintindihan ang dalawang 'to kahit hindi sila mag-usap! Parehong wirdo! My god!*

Masaya ang buong maghapon maliban na lang nang dumating World History class with Chupan the great. **"Good afternoon!"** bati niya.

At gaya nang nakasanayan ay pabagsak niyang isinara ang pinto. Dumeretso siya sa mesa at inilapag doon ang whiteboard marker at eraser. Hinugot niya mula sa bulsa ng polo ang nakabalot pang index cards saka inilapag sa armchair ng bawat isa.

"Isulat ang buong pangalan, apelyido ang mauuna! Bawal ang magbura! Year and section—oh!" Natigilan at nagulat siya nang makita ako. **"Marchessa!"**

My goodness! Sa dami ng estudyante, ako ba talaga ang pinakamaganda at ako ang napansin niya? Tsk!

"O, del Valle!" diniinan ni Chupan ang bawat pantig ng apelyido. **"Mukhang magiging masaya na naman ang taon na ito, ano sa tingin ninyo?"** tanong niya sa 'min, walang sumagot. **"Nasiyahan ba kayo sa marka na ibinigay ko? Ano ang nakuha mo, Marchessa?"**

"94, sir."

"Aba'y, kaytaas, ano? Ikaw, del Valle?" tinunghayan niya ang kaibigan ko.

"Tss."

Heto na naman kami! Psh!

"Ah! Nawala sa isip kong napaaga nga pala ang pagbabakasyon mo. O, e, ano ang ginagawa ng pagmumukhang iyan dito?"

"Accelerated, sir."

"Ah, talaga? Bilib naman talaga ako sa utak mo, 'no?" namamangha ngunit sarkastikong ani Chupan. Lumapit siya at nag-alinlangang magbigay ng index cards sa amin. **"Magbibigay pa ba naman ako sa inyo, gayong saulo ko na ang mga pangalan ninyo?"**

"Pwede namang kayo ang magbigay sa amin matapos ninyong magsulat ng pangalan, baka-sakaling hindi namin kayo makalimutan." Isinagot iyon ni Maxpein matapos bumuntong-hininga. Nagpigil ng tawa ang buong klase.

Ngumisi lang si Chupan. **"Panigurado namang hindi mo 'ko malilimutan, del Valle."** Babaling na sana siya patalikod nang mamataan si Lovemir. **"O, ano ang ginagawa mo sa klase ko?"** Sinipat niya ang kabuuan ni Lovemir. Kakatwang pinasadaan din ng tingin ni Lovemir ang lecturer.

Ang lakas maka-Maxpein ng datingan nito!

Tama si Migz. Para akong nakakita ng lalaking bersyon ni Maxpein. Simula kanina ay wala pa akong nakikitang nagbago sa ekspresyon at emosyon sa mukha niya. Bukod na lang sa tipid na ngiti nang sabihan niya akong maganda, na hindi ko alam kung saan niya nahugot dahil wala sa hulog nang sabihin niya.

"May ibubuga ka naman ba? Anong pangalan mo?" tanong ni Chupan dito.

"Limaco, Lovemir," tugon nito.

"Limaco?" nakangiwing tumango si Chupan. **"Saan ba nagmula ang apelyido na 'yan at hindi ko nadirinig?"**

"Tanging mga piling tao lamang ang nakakikilala." Nakakailang ang pagiging pormal ni Lovemir. May kakaibang punto siya, hindi maintindihan kung taga-probinsya lang o banyaga.

Nakangiwi siyang inilingan ni Chupan, walang bilib. **"May ibubuga ka nga kaya?"** Nilingon niya si Maxpein. **"Talagang dito ka tumabi, e, saksakan ng yabang niyan."** Pumait ang mukha niya nang walang makuhang reaksyon mula kay Lovemir. **"Para kayong magkapatid."** Humalakhak niyang sinuring muli ang kabuuan ni Lovemir.

Sa halip na pansinin ay nagsulat sa index card si Lovemir. At walang kaabog-abog na iniabot iyon kay Chupan. Sa paraan na para bang nag-aabot siya sa isang taga-silbi. Hindi kakitaan ng takot si Lovemir sa kaharap na lecturer.

Napamaang man sarkastikong tumawa si Chupan. **"In which two Japanese cities were the first two atomic bombs dropped?"**

Yari na! Iyon naman talaga ang ugali ni Chupan na kahit na sinong estudyante ay hindi makukuha. Gano'n siya magpa-recite!

"Excuse me?" nagtataka at nagulat na tanong ni Lovemir.

Bahagyang umawang ang nakakalokong ngiti ni Chupan. **"In which two Japanese cities were the first two atomic bombs dropped? Hindi ko na uulitin. Mag-drop ka na kapag hindi mo nasagot iyan."**

Tumaas ang kilay ni Lovemir, bahagyang nagtiim ang bagang. **"Hiroshima and Nagasaki, sir,"** saka siya sumagot.

Sumilay ang nakakalokong ngiti ni Chupan saka nilingon si Maxpein. Nagugulat kong sinulyapan si Maxpein. Wala man lang nagbago sa kaniyang hitsura. Walang pakialam.

"Mukhang may katapat ka na, del Valle!" nang-aasar na ani Chupan.

"Katabi ko siya, sir," inosente na sagot ni Maxpein, gusto kong matawa.

Sinamaan lang siya ng tingin ni Chupan saka binalingan ang klase. **"Ano? Mas mahaba pa ba sa Great Wall of China ang mga pangalan ninyo't hindi ninyo maipasa-pasa?"** Awtomatikong nagtuloy sa pagsusulat ang lahat at nagpasa.

Hindi ko naman naiwasang lingunin si Maxpein. *Grabe...hindi lang ako ang nakapansin! Psh! Mukhang magiging masaya ito. Hahaha!*

OceanofPDF.com

CHAPTER 174

CARGOSIN REWIS' POV

"NANDITO NA ang Chairman," ani Christian na ang tinutukoy ay ang aking ama. Inaasahan ko na ang pagdating nito.

Nang mag-angat ako ng tingin ay papasok na sa opisina ko ang aking ama. **"Ano nang balita kay Taylor, Cargosin?"**

Hindi ko napaghandaan ang tanong niya. Napabuntong-hininga ako. **"Hindi pa namin siya natatagpuan, Chairman."**

Nangunot ang kaniyang noo. **"Anong klaseng pagtratrabaho iyan?"** Pareho kaming nag-iwas ng tingin ni Christian. **"*Bueno*, ano ang bago bukod sa mabahong balitang iyan?"**

"Nagsimula na ang klase sa BIS at SIS, Chairman," panimula ko. **"Nakatakdang dumalaw si Chairman Enrile sa BIS ngayong linggo upang batiin ang mga bagong estudyante. Sa SIS ako nag-enroll. Pumasok na rin ako kanina."**

"Ano ang maganda sa balitang iyan, Sin? Hindi ko maintindihan."

"Dad, please, calm down." Nanlumo ako. **"Mahahalata ako masyado kung sa BIS ako mag-aaral. At isa pa, nasa SIS ang pakay ko. Ang mga Echavez."**

Maikli ang pasensya ng aking ama. **"Then?"**

"Nasa ikaapat na taon siya sa kursong medisina, magkaklase kami. Ang nakababatang kapatid niya ay nasa primary level."

"Mabuti at nakapasok ka nang walang hirap?"

Tumango ako. **"Nagawan ng paraan ni Taylor ang lahat bago tayo dumayo rito."**

"Magaling." Nakontento sa nalaman ang Chairman. **"Alamin ninyo ni Christian kung anong araw dadalaw ang Chairman Enrile na iyan sa BIS. At paunlakan siya nang maingay at maligayang pagdating."**

"Dad," nagugulat kong sambit. **"Maraming estudyante sa BIS, at hindi sila kasali sa usapan."**

"Walang may pakialam, Sin."

Lalo akong nagulat. **"Dad?"**

Bumuntong-hininga siya ngunit nanatiling masama ang tingin. **"*Bueno,* sa harap na lamang ng BIS habang papauwi ang Chairman. Gusto kong mabalitaan ang napakagandang eskandalo sa mismong teritoryo ng mga Enrile. Siguraduhin ninyong kahindik-hindik sa Chairman Enrile ang bagay na iyan."**

Matagal bago ako nakasagot. **"Masusunod."**

"Ikalawang babala pa lamang iyan, Cargosin. Pag-iisipan ko kung gusto ko na siyang patamaan sa susunod," madilim ang mga matang aniya. Bahagya akong natigilan ngunit nakabawi rin. **"Inaasahan kong makikita ko na si Taylor sa susunod na pagkikita natin. Ang walang-buhay na katawan ni Taylor ang makapagpapahinahon sa 'kin."** Nanlaki ang mga mata namin ni Christian. **"At huwag mong pababayaan ang pamilya niya, lalo na ang mga anak niya."**

Napalunok ako. **"Yes, Dad."**

"Mukhang alanganin ang tugon mo, Sin?"

"No, Dad."

"Alam kong importante sa inyo si Taylor. Dahil isa siyang mabuti, magaling at malapit na kaibigan. Ngunit hindi magandang ideya ang kinalalagyan niya ngayon. Maaaring may mga naibahagi na siyang hindi dapat malaman ng kabilang partido. Hindi ko gusto ang isiping iyon. Kinausap ko na ang maybahay niya. Ipinagtataka niya ang hindi pag-uwi ni Taylor. Pinadalhan ko siya ng ilang mga mamahaling muebles dahil batid kong iyon ang hilig niya." Panunuhol ang ginawa niya.

"Ihahatid ko na kayo sa labas," presinta ni Christian. **"Sin,"** nagtanguan kami bago sila umalis.

Napapabuntong-hininga akong bumaling sa balkonahe. Kunot-noo kong tiningala ang kulay kahel na langit. Ngunit sa halip na kumalma ay pinagbabaga niyon ang galit sa dibdib ko.

Nagkamali ka ng binangga, Chairman Enrile. Ang kinuha mo sa amin ay katumbas ng buong pamilya mo. At kaya namin kayong ubusin.

Hindi namin alam kung saan matututunton si Taylor. Magmula nang mapahamak siya sa Palawan ay wala na kaming nasagap na balita tungkol sa kaniya. Hindi ko makakalimutan kung paano siyang inasinta ng hindi pa namin nakikilalang babae. Hindi ko malilimutan ang kaniyang mukha. Kung paanong nagkaroon ng ganoong kakilala ang mga Enrile ay hindi ko alam. Ngunit isa iyong patunay na hindi kami maaring magpadalos-dalos sa

pagkilos. Kailangan naming maging maingat. Gayong nasaksihan namin kung gaano karami ang kumilos nang magpaunlak kami ng bala at pagsabog.

DEIB'S POV

Naging masaya ang klase ko buong araw. Meron akong apat na major subjects at apat na minor subjects. Hindi mapawi ang ngiti ko hanggang mag-uwian. Wala pa akong nagiging kaibigan. Pero sa tingin ko ay hindi naman ako mahihirapan. Kakikitaan ng interes sa kursong ito ang halos lahat ng kaklase ko, at iilan lang naman kami. Masarap sa pakiramdam na ang lahat ng kasama mo ay tulad mong masaya sa ginagawa nila.

Tch. Hindi ko ma-imagine ang sarili kong nakaupo sa department of nursing at nagbibilang ng taong dumaraan sa hallway.

Nakangiti akong lumabas ng classroom at doon ko lang naalala ang iba ko pang dapat na gawin. Agad kong tinawagan si Taguro.

Mahal ko. Mahal ko. Mahal ko. Mahal ko. Mahal ko. Mahal ko. Mahal ko. 'Ayun!

"Oh?" hindi na talaga nagbago ang paraan ng pagsagot ni Taguro ng telepono.

"Hi, babe! I love you, babe!"

"Tss."

"Nasaan ka na?"

"Katatapos lang ng klase. Puro pagpapakilala, wala akong interes."

"Nakainom ka ba ng gamot mo?"

"Oo."

"Good. Pasensya na hindi kita napuntahan."

"Ayos lang. Kumusta ang klase mo?"

"Masaya." Hindi ko naiwasang mapangiti. **"Nag-enjoy ako, babe. At dahil d'yan, lalo akong nai-in love sa 'yo, bwahahaha!"**

"Mabuti kung gano'n." Batid kong hindi man lang siya kinilig sa sinabi ko. **"Saan na ang plano mo niyan?"**

"Ihahatid kita, syempre. Hindi ka pa magaling."

"Sige, magkita na lang tayo sa parking lot."

"Maaga pa, babe, baka gusto mo akong i-date?" nakangising tanong ko.

Sandali siyang nag-isip. *Tch!* **"Wala ka bang klase bukas?"**

"Meron. Pero tanghali pa. Gigising ako nang maaga para ihatid ka."

"Hindi mo na kailangang gawin 'yon. Kaya ko nang pumasok mag-isa."

"Kaya ko rin namang ihatid ka," nakangusong tugon ko. Bumuntong-hininga siya. Senyales na hindi magandang ideya para sa kaniya ang sinabi ko. *Tch!* **"O, sige, bukas ay sasabayan na lang kitang kumain, ayos lang ba iyon?"**

"Kung hindi makakaabala sa schedule mo, sa tingin ko ay wala namang problema."

"Napakapormal mo namang magsalita?" natatawang tugon ko. **"Hindi ako ang mommy mo, babe."**

"Pero ikaw ang boyfriend ko." Isa 'yon sa mga pinakakorning biro niya. **"Tss, sige na, magkita na lang tayo sa parking lot."**

"Pwede rin kitang sunduin d'yan, babe."

"'Wag na, paalis na rin naman kami, lalayo ka pa."

"I love you."

"'Ge," tugon niya saka ibinaba ang linya.

Naglapat ang mga labi ko. *Napakabastos niya talaga! Tch! Bakit ba hindi pa 'ko masanay?*

"Enrile!" Babaling na sana ako palabas nang mangibabaw ang pamilyar na tinig ni Tobi.

Lumawak ang pagngiti ko. **"Yanai!"** Halos takbuhin ko ang paglapit.

Halos hindi kami nagkita-kita nina Lee noong bakasyon. May kani-kaniya kaming pinagkakaabalahan. Nakakalungkot. Pero malaking tulong ang kani-kaniya naming inspirasyon.

Mas malawak pa rin talagang ngumiti si Tob. **"Namputsa, o!"** sinipat niya ang kabuuan ko. **"Hindi ka pa man graduate, mukha ka nang engineer, 'dre! I missed you!"** Nagyakap kami.

Hindi ko naiwasang matawa nang pagmasdan ko ang kabuuan niya. **"Natatawa ako sa hitsura mo, 'dre, mukha kang prep!"**

"Ulol!"

"What are you doing here, anyway? This our building."

"Dream on, 'dre! Baka may share din dito ang lolo ko?"

"Loko," natawa na naman ako. *Slow na rin siya. Haha! Sama kasi nang sama kay Michiko. Tch!* **"Ibig kong sabihin ay dito sa college of engineering."**

"May minor subject ako sa room na 'yon." Itinuro niya ang dulong room sa hallway. **"Nakita ko si Lee kanina, 'dre! Pormal na pormal ang**

suot ni loko, hahaha! Akala mo a-attend sa party!"

"You know, businessman."

"Nakakatawa lang dahil first day of class, haggard siya." Humalakhak si Tob na pumuno sa buong hallway. **"'Lakas makatanda no'n, 'dre!"**

"Yeah, right! Kaya nga ganiyan ang histura mo," buyo ko.

Binatukan niya 'ko. **"Baka pinag-aagawan ako ng mga prof ko ngayon? Hindi nila kinakaya ang utak ko, 'dre! Haggard nga lang talaga, hahaha!"**

"Tch. 'Buti pa 'ko, fresh na fresh," hinaplos ko ang sariling panga.

"Sanay na sanay ka talaga sa bading na usapan, Enrile." Nginiwian niya 'ko saka muling lumawak ang ngiti. **"When do you plan to show me your new car, anyway?"**

Ngumisi ako saka isinenyas ang gawi ng parking. **"It's outside, wanna check it out?"**

"We should get together and catch up real soon, 'dre." Tinapik niya ang balikat ko. **"Nami-miss ko kayo ni Lee, seryoso."** Seryoso nga ang loko, natawa ako.

"We'll do that," paniniguro ko. **"I've been very busy."**

"Kanino na naman? Kay Taguro!?"

"Kanino pa nga ba?" napangiti ako. **"Ang dami-dami ko nang puso sa katawan, 'dre. Dahil sa sobrang pagmamahal ni Taguro."** Nakangisi akong tumingin sa langit. **"Pati 'yong mga atay-atay at balun-balunan ko, hugis puso! Bawat liko ng bituka ko ay—"**

"Shut the fuck up, 'dre! Nakakadiri ka, ikaw pa ang patay na patay kay Taguro!"

"Tch! Kung alam mo lang, 'dre!"

"Am I not right?"

"It's exactly the opposite, 'dre," nagkibit-balikat ako. **"Siya ang patay na patay sa akin."**

Ngumiwi siya, hindi kumbinsido. **"Imbitahan mo 'ko sa kasal mo, ah?"**

"Malamang! You and Lee should be there! You will be my best man and he's my Superman." Sabay kaming humalakhak, halos saktan ng tiyan.

"Loko! Wala kang ipinagbago! Aasahan ko 'yan!" Tinapik niya ang balikat ko. **"Anyway, I need to go now, 'dre. May isa pa akong major**

subject. Call me when you need me. I really missed you," nagpa-cute pa ang loko.

"I missed you, too, 'dre," natatawang sagot ko. **"'Yang madaldal mong bibig. We'll go out next week."**

"Alright, mwah!" nag-flying kiss siya saka nagtuloy papalayo.

Nakangiti ko siyang sinundan ng tingin. Doon lang ako nakaramdam ng bahagyang lungkot. Ngayon lang sila nalayo ni Lee sa 'kin. At hindi ko alam kung paano kong natagalan ng isang araw 'yon. Dati rati ay ayos lang sa 'kin kahit na hindi kami magkita ng bakasyon. Alam ko namang makakasama ko sila buong taon kapag nagsimula ang klase. Pero hindi na iyon gano'n ngayon.

Noon ko lang naramdaman na may nagkulang sa pagkatao ko. Parang hangin na dumapo sa isip ko kung paano nilang mas pinili noon na huminto sa pag-aaral, at sumama sa 'kin sa Amerika para magpaopera. Walang katulad ang saya ko no'n. Dahil sa murang edad ay hindi ko alam kung paano ilalabas ang takot nang hindi mag-aalala ang mga magulang ko. Hindi ko alam kung paanong maiaalis ang awa sa mga nakakakita sa akin. Sina Lee at Tob lang ang nakapagpahupa ng takot at sakit na nararamdman ko nang higit pa sa inaakala ko.

Hindi rin pala panghabang-buhay ang biruan kasama ang mga tunay na kaibigan.

Nakaka-miss silang makasama. Sila lang ang tunay na nakakapagparamdam sa 'kin ng tuwa at saya sa pagkakaibigan.

Kailangan talaga nating gumala, 'dre, hindi ko rin kayang mabuhay nang wala kayo ni Lee sa 'kin.

Nakaka-miss ang maya't mayang pang-aasar ni Tob, at ang walang kamatayang kabayanihan ni Lee.

'Buti na lang, nandiyan si Taguro. 'Sabagay, hindi naman ako iniwan ng mga kaibigan ko. Magkakaiba lang kami ng kurso. Tch. Natawa na lang ako sa sariling kadramahan.

Pilit kong inalis ang malungkot na isipin. Muli akong napangiti nang makitang pumasok si Tob sa classroom. Kamot ko ang ulo nang bumaling ako papalabas ng campus.

Ngunit bago pa man makarating sa sasakyan ay muli akong natigilan. *What the hell?* Hindi ako makapaniwalang nakikita ko ngayon si Eerah Anitha. Nakasandal siya sa vintage car na nakaparke sa tabi ng kotse ko.

"What the hell are you doing here?" Sinikap kong maging kalmado, kung hindi ako nakapagpigil ay baka naisinghal ko.

Halatang nagulat din siya nang makita ako. **"What are you doing here?"** turo niya pa sa akin.

"Are you following me?"

"Ugh, excuse me?" maarteng tugon niya.

I tried to stay calm. *Nandito ba siya para sa 'kin o isa na naman 'tong aksidente kuno niya?* **"What are doing here, then?"**

Mataman niyang sinuyod ang kabuuan ko. **"Oh, so you study here?"**

"I'm asking you what are you doing here?"

Umangat ang gilid ng labi niya. **"Why do you ask?"**

"Because I don't want to see you around."

Humalakhak siya. **"Hey, hey! Please don't act as if I came here to see you because I did not."** Sinamaan ko lang siya ng tingin. **"Hmm..."** Kinagat niya ang labi. **"Is it a coincidence or is it fate? What do you think?"**

"Bad luck, I guess," mapaklang tugon ko saka pinindot ang remote ng kotse ko.

"So, this is yours?" namamanghang aniya saka hinaplos ang side mirror ko. **"Nice catch!"**

"Don't touch my car." Tinapik ko ang kamay niya gamit ang mismong susi.

"Ouch!" maarteng singhal niya saka ako sinamaan ng tingin.

"Tch." Nasusuya ko siyang tiningnan. **"Go away, or I'll call the police and have them take you in."**

Muling umawang ang labi niya, hindi makapaniwala sa naririnig mula sa 'kin. **"And why the hell will you do that? What did I do to you?"**

"Gusto mo bang ipaalala ko sa 'yo 'yong ginawa mo sa 'kin no'ng huli?" hindi ako nag-alinlangang magpakita ng galit.

Bigla ay sumeryoso siya, masama rin ang tingin. Pero wala siyang nagawa kundi ang sumakay at magmaneho papalayo. Inis ko siyang sinundan ng tingin. Hindi pa rin ako makapaniwalang hanggang dito ay makikita ko siya.

Sumakay ako sa kotse ko at nagbukas ng makina. Hindi ko nagugustohan ang pagkakataon. Ito na ang ikatlong beses na makita ko siya mula nang manggaling kami sa Palawan.

Sa sobrang pag-aalala ay tinawagan kong muli si Taguro. **"Oh?"**

"Nasa kotse na 'ko, babe."

"I'm on my way there. May dinaan lang ako sa social hall."

"I'll wait for you here, I love you." Hinintay ko siyang maibaba ang linya. *'Buti na lang at hindi niya naabutan ang babaeng 'yon.*

Malamya kong binuksan ang player at nakapikit na pinakinggan ang kanta. Awtomatiko akong napangiti.

I wanna believe in everything that you say, 'cause it sounds so good. But if you really want me, move slow, 'cause there's things about me you just have to know.

Nakangiti kong sinabayan ang kanta. Talagang naaalala ko si Taguro sa kantang iyon, hindi ko malaman hanggang sa ngayon kung bakit.

Pero ang ngiting iyon ay unti-unting napawi nang matanawan ko ang babaeng mahal ko, na may kasabay na lalaking hindi ko malaman kung bakit tila pamilyar sa akin. *What the...* Kunot-noo ko silang pinagmasdan bagaman si Parrot ang kausap niyong hindi-ko-kilala-wala-akong-pakialam na lalaki. *Who the hell is this guy? And who told him that he's allowed to walk together with my girlfriend?* Inis kong nakamot ang batok.

Tinuktok ni Parrot ang compartment ko. **"Wow! Ang lupit ng kotse mo, Sensui! 'Lakas humatak ng chicks nito!"**

"Wala akong chicks!" asik ko. Saka bumaling kay Taguro. **"Sino 'yong lalaking 'yon?"** tanong ko na nakaturo sa kung saan.

"Sinong lalaki?" inosente niyang tugon. Iyong sobrang inosente na para bang naglakad siya papalabas ng parking lot nang walang kasama.

"'Yong payatot na kasama mo."

"Nasa'n?" inosente niya ring inilinga ang paningin. Iyong sobrang inosente na pwede niya nang isipin na nakakakita ako ng multo.

Nagtiim ang bagang ko. **"'Yong kasabay mong lumabas, Taguro. I saw you. Payat at medyo matangkad, maputi at walang kadating-dating."** Inis kong iginala ang paningin. **"Where the hell did he go?"**

"Baka si Lovemir?" sabat ni Parrot.

"Lovemir?" sinambit ko 'yon nang may pandidiri. **"Pangalan pa lang ay wala nang panama sa 'kin."** Muli kong sinamaan ng tingin si Taguro. **"What? Does he like you?"**

Napaiwas si Taguro, hindi inaasahan ang tanong ko. **"Ano? Wala. Tss."**

"Bakit sa dinamirami nang pwede niyang sabayan ay 'yong sa akin pa?"

"Ano bang sinasabi mo?"

"Pwede naman siyang sumabay sa mga kaibigan mo, bakit sa 'yo pa?"

"Ay, nagseselos?" pang-aasar ni BJ.

"Hoy, Mister Enrile! Hindi si Ara Mina ang girlfriend mo, kumalma ka," nanunuyang ani Migz. **"Kung makapagselos naman 'to, akala mo mala-Rossana Roces ang kutis nitong jowa mo!"**

Inis kong dinurog ang bato sa paanan ko saka nagkamot ng ulo. **"'Wag ka nang sasabay ro'n, ah? Mukhang hindi siya magandang impluwensya, Taguro,"** seryoso kong sinabi.

"Tss," umiling siya. **"Nakakabilib ka rin namang magselos, 'no? Ngayon mo lang nakita 'yong tao, alam mo na ang impluwensya niya?"** Nagtawanan ang mga kaibigan niya.

Inis kong binuksan ang pinto sa passenger's seat at inginuso sa kaniya. **"Sumakay kang mag-isa. Tch!"** angil ko saka lumulan sa kotse. *Badtrip! What the hell? Lovemir? Nuknukan ng bantot na pangalan! Ang baduy! Yak!*

Gusto kong magalit sa selos. Pero ayaw kong pagalitan si Taguro sa harap ng mga kaibigan niya. Isa pa ay ako naman ang nagmumukhang katawa-tawa. Gusto kong tusuk-tusukin ang mata ni Taguro para hindi na siya makakita ng iba bukod sa 'kin.

Tch! Madali naman para sa 'king dumayo sa secondary para lang mam-bully. Kaya Lovemir, 'wag ka talagang didikit sa girlfriend ko. Kundi ay lagot ka sa 'kin.

Inis kong dinungaw si Taguro nang hindi ito sumakay. **"Are you going to date me or what?"** Muli akong pinagtawanan ng mga kaibigan niya.

"Grabe!" pumalakpak si Parrot. **"May mas gaganda pa ba naman sa mukhang 'yan, Maxpein?"**

Iiling-iling na sumakay si Taguro. Sinamaan ko siya ng tingin. **"Ano na namang tingin 'yan?"**

"Kasasabi ko lang, Taguro, 'wag kang magpapaligaw."

"Bakit nasa ligawan ka na agad?" asik niya. **"Bagong kaklase namin 'yon at nagkataong nakasabay nina Migz papalabas. Dito rin siya naka-park, kasalanan ko 'yon?"**

Napanguso ako. **"Basta!"** Nag-iwas ako ng tingin. **"Iba 'yong paraan niya ng pagtitig sa 'yo, e! May something!"**

"Maka-something naman 'to. Tss," bulong niya. **"Ni hindi nga ako nililingon no'ng tao."**

"Bakit parang nanghinayang ka pa?"

"Asa." Inilingan niya ako. **"Walang kibo 'yon at mukhang walang pakialam sa mundo. Napilitan lang siyang sumabay sa 'min dahil hindi na siya pinakawalan ni Migz. Ano, masaya ka na?"**

"Hindi pa rin."

"Tss."

"Sasaya ako kung hindi siya sasama sa inyo."

"Hindi ako type no'n, okay?"

"At paano ka nakasisiguro?"

"Nararamdaman ko."

"'Sus! Basta! Ayaw kong makitang kasama mo iyon."

"Oo na!" singhal niya

Napangiti ako. *Gagawin niya talaga 'yon para sa 'kin! Bwahahaha! Grabe! Mahal na mahal niya talaga ako!* **"Bumaba ka na ulit, babe,"** utos ko. Lalong nagsalubong ang kilay niya. Napanguso ako. **"Aalalayan na kitang sumakay."**

Napangiwi siya. **"Kakaiba ka talaga,"** iiling-iling niyang bulong. **"Hindi na. Kung kailan ayos na ayos na ang pagkakaupo ko."** Pinagkrus niya ang mga braso at tumingin sa labas.

"Babe, ayaw ko lang naman na may kasama kang iba. Lalo na iyong hindi ko kilala,"pagpapaintindi ko. **"Hindi mo na kailangan ng bagong kaibigan dahil marami ka nang kaibigan. Alam kong bagong estudyante lang ang Lovemir na iyon. Dahil ang baduy na ng pangalan niya, ang baduy pa niyang manamit. Tch! All black? Nasa'n ang fashion taste niya, babe?"** Napabuntong-hininga ako saka muling bumaling kay Taguro. **"Look at me, babe,"** nilingon niya ako. **"Hindi imposibleng magkagusto sa 'yo 'yon kaya naniniguro ako. Ayaw ko ng kaagaw."**

"Paano mo siya magiging kaagaw, e, girlfriend mo na ako?"

"Hindi mo masasabi, Taguro."

"'Yon ay kung magpapaagaw ako," maangas niyang sinabi. Hindi ko napigilang ngumiti. **"Tss."**

"Basta, 'wag mong kaibiganin 'yon, ha? Ayokong makita kang kasama 'yong bwisit na 'yon."

"Okay." Nawlaan na siya ng ganang makipag-usap.

"I love you," malambing kong sinabi. Bumuntong-hininga lang siya. **"I love you,"** mas malakas nang sabi ko. Tiningnan niya lang ako. **"I love**

you!" isinigaw ko na.

"Too."

"Anong too? Anong too—Taguro—anong too!" inis na namang singhal ko.

"Diyos ko naman 'tong taong 'to, oo," nauubusan ng pasensyang asik niya. **"I love you, too!"** idiniin niya ang huli.

"Kahit kailan ay hindi ka sweet."

"Tss. Hindi pa ba sweet 'to, magde-date tayo?"

"Ayos na ba ang pakiramdam mo?"

"'Ayun! Sa wakas! Nagtanong din!" nagpaparinig na aniya.

Gulat kong kinapa ang leeg niya. **"Babe, bakit parang mas tumaas ang lagnat mo?"**

"Oo, at sinisigawan mo ako kanina pa, Sensui." Nasa labas ang paningin niya.

"Dadalhin kita sa ospital."

"Hindi na."

"Ipapa-dextrose kita, babe. Hindi ko kayang mawala ka."

"'Wag kang OA."

"Ikaw ang future ko at ayaw kong masira ang future ko," bulalas ko. Naglapat nang todo ang mga labi niya, alam kong naiinis na siya. **"Hehe. Alam mo namang mahal na mahal na mahal na mahal kita. Ikaw ang puso ko, laman ng isip ko at nagpapalapot sa dugo ko, babe. Ayaw kong may mali sa buong pagkatao mo dahil apektado rin ako—"**

"Ang dami mong sinasabi. Naririndi ako."

"At least, alam mo ang saloobin ko. Dadalhin kita sa ospital."

"Hindi na, ayos lang ako. Mas gusto kitang makasama."

"Sigurado ka?" Tumango lang siya. **"Kakain na lang tayo sa labas, tapos iuuwi na kita. Next time na lang tayo mag-date."**

"Hindi pa ba date 'yong kumain sa labas? Tss."

"Tch. Palibhasa'y hindi ka romantic!" Napabuntong-hininga ako. **"Kailangan mong magpahinga. Sasamahan na lang kita sa bahay ninyo hanggang sa makatulog ka. Okay lang ba 'yon?"**

"Sige."

"I love you."

"Tss, makakailang sabi ka ba niyan?"

"Bakit ba hindi ka na lang sumagot? Tch!" Ngumuso ako. *Badtrip. Hindi na lang kasi sumagot, nagyayabang pa.*

Nakangiti akong nagmaneho. Wala kaming kibuan habang nasa byahe. Pero nang makarating sa mall ay panay na ang kaniyang pag-ubo.

"Are you alright, babe?" hindi ko naitago ang pag-aalala. Tumango siya. **"Hindi ka kasi nagpaalam sa akin, nagkasakit ka tuloy."**

"Tss. Do'n na ba nakukuha ang sakit ngayon?" umismid siya. Pero napamaang ako nang isabit niya ang parehong braso sa braso ko.

Napangiti ako. *Kakaiba talaga ang topak niya, naglalambing bigla.* **"Ibig kong sabihin, kung nagpaalam ka ay hindi ka na naulanan, I'll drive you wherever you wanted to go. I can also pick you up after and send you home."**

"Biglaan iyon. Nagtatampo na ang high school friends ko dahil hindi na raw ako nakikipagkita sa kanila. Sa TB lang naman kami tumambay."

"Hindi kasama si Parrot?"

"Hindi, nag-date sila ni Lee kahapon."

Tumango ako. **"Nilalamig ka?"** Kinapa ko ang kaniyang leeg. **"Dumaan tayo mamaya sa drugstore, bibilhan kita nang maraming gamot. Inumin mo sa tamang oras, ah?"** Tumango lang siya. **"Where do you want to eat?"**

Itinuro niya ang isang simpleng restaurant. Siya rin ang hinayaan kong pumili ng dinner. Nagkwento siya habang naghihintay hanggang sa makakain kami.

"She's one of the best lecturers," tatango-tangong sabi ko. Nabanggit niyang si Miss Agaser ang class adviser nila.

"Alam ko, pumasa ka, e."

"Tch! Ang yabang mo, ah."

"Dahil para sa 'kin, magaling ka, babe," diniinan niya ang huling sinabi.

"'Sus! D'yan ka magaling, Taguro. Ang saktan ako at saka lalambingin." Ngumisi lang siya. **"Paniguradong babanggitin ako sa iyo no'n. Sisiraan niya ako at hindi ka dapat maniwala, babe."**

"Yari siya sa 'kin kapag ginawa niya 'yon."

"Hahaha, bakit naman?"

"Sisisiwin ko ang subject niya."

"Tch! Hambog ka!"

"Mas madali para sa 'kin ang Biology kaysa Chemistry, Sensui."

"Oo, at dahil ikaw si Taguro, walang mahirap sa 'yo. Hambog ka nga, e."

"Mas madaling magyabang kung may ipagyayabang, Sensui."

"Mas mahirap ang Math ngayong fourth year. I can teach you if you're having problems with that subject," nakangiting prisinta ko.

"That's a good idea. Mukhang kakailanganin ko nga ng tutor sa subject na 'yan."

"Deal na 'yan, ah? Tuturuan kita sa Math, at alam mo na ang kapalit."

"Sige, tuturuan din kita sa ibang subject mo."

Nanlumo ako. **"That's not my point, Taguro."**

"Alam ko. Sumakay ka na lang dahil hindi ko kayang kiligin sa lagay ko."

"So, nakakaramdam ka pala ng kilig?" sarkastikong tanong ko.

"Oo naman, kapag kinikilig ka, 'di ba?"

"Bakit hindi mo iparamdam sa 'kin?"

"Ipinaparamdam ko, Sensui, manhid ka lang talaga."

Namilog ang bibig ko sa pagkamangha. *Tch. Kailan naman niya ipinaramdam sa 'king kinikilig siya?* Napailing na lang ako. **"Dumaan tayo sa bookstore, babe. I need to buy a book about drafting. You will need drafting and drawing materials for some subjects, anyway,"** pag-iiba ko sa usapan. **"Importante 'yon."**

"Wala namang binanggit na gano'n sa 'kin."

"That's why I'm telling you now. Kapag nasa Biology lab kayo, ang karamihan ng seatworks ay drawing."

"Okay," lang ang isinagot niya.

"Mukhang nag-e-enjoy ka nga sa course mo, Sensui."

Napangiti ako. **"I am. Unang araw pa lang ay masaya na ako. Dati ay best friends ko ang nagbibigay sa 'kin ng excitement pumasok. Ngayon ay 'yong subjects na mismo. It's like I'm starving to learn about engineering. Hindi ko namalayang natapos ko ang apat na major books no'ng bakasyon. Hindi ko natandaan lahat, pero marami akong nalamang interesante."**

"Masaya ako para sa 'yo."

"Masaya ako sa'yo," nakangiting tugon ko, hindi niya inaasahan.

Napangiti siya. **"Masaya rin ako sa 'yo."**

"Ganiyan ka kiligin, babe?" nakangiting tanong ko. Natatawa siyang tumango. **"Tch. Kailan magsisimula ang practice ninyo sa dance troupe?"**

"Bukas na. Para sa acquaintance party."

Hmm... Napangisi ako. **"Who's your partner?"**

Nag-isip siya. Nakangiti naman akong sumandal at humalukipkip, matamang pinagmasdan ang maganda niyang mukha. **"Kahit wala na."**

"What if someone asked you to be his date?"

"Let them do whatever they want."

"I won't allow that, Taguro."

"'Wag kang mag-alala dahil tatanggi ako."

"Syempre, kailangan mo talagang tumanggi. Pero 'yong yayain ka palang nila ay hindi na pwede sa 'kin, Taguro. Kailangan mong mapigilan ang bagay na 'yon."

"Tss, how is that possible?" naubos agad ang pasensya niya. **"Wala naman sigurong magyayaya sa 'kin."**

"Meron."

"Sino?"

"Ako."

"I'm not available."

"What?" asik ko.

"Ang sabi mo ay tumanggi ako?" humalakhak siya. **"Tss, pwede ka ba namang sumali ro'n?"**

"Bakit hindi? Apo ako ng may-ari."

"Ikaw ang bahala," nakangiting tugon niya, mas napatitig ako. Sa tingin ko ay kinikilig siya. **"Wala akong balak mag-dress, uunahan na kita."**

"Paano kung sabihin kong gusto ko na makita kang naka-dress?"

"I'll think about it," bumutong-hininga siya. **"Hindi ako komportable sa dress."**

"Ako lang naman ang makakasama mo."

"Nahihiya pa rin ako."

"Nakakahiya ba ang mukhang ito, Taguro? Tch!"

"Hindi naman. Ang totoo ay tinitilian ang mukhang 'yan."

"I'll be your partner, okay?" paniniguro ko. **"Hindi ka pwedeng magkaroon ng ibang partner. Sisirain ko ang party na 'yon."**

"'Wag ka nang magbanta dahil wala rin namang magyayaya sa'kin kahit pa gustuhin ko."

"Oo, dahil alam nang buong mundo na ang sa akin ay para sa akin lang," puno ng kumpiyansang tugon ko. **"Maraming mas magagandang bagay ang pwede nilang angkinin, 'wag 'yong akin."**

"Tss."

"I will be your partner. You have no right to say no. I'll pick you up at home."

"Maagang pumupunta ang dance troupe sa party."

"I'll come early. No problemo, basta para sa 'yo." Nginitian niya ako.

Masaya naming tinapos ang dinner. Dumeretso kami sa drugstore at bookstore matapos.

"Marunong kang mag-piano, babe?" tanong niya mayamaya, hindi ko alam kung saan nagmula.

Nang lingunin ko siya ay nasa ginoong tumutugtog ng naka-display na grand piano ang kaniyang paningin. **"Hindi."** Umiling ako. **"Gusto mo bang mag-aral ako?"**

"Wala kang alam na instrumento?"

"Wala, basketball lang talaga ako. Pinagbabawalan akong mag-basketball noon pero 'yon talaga ang gusto ko."

Ako ang pumili ng mga kakailanganin niyang drafting at drawing materials. Panay ang reklamo niya, syempre. Magastos daw ang subjects na 'yon. But she can't do anything about it, unless she doesn't dream of passing.

"I'll lend you my notes," mayamaya ay sabi ko.

"Hindi ko kailangan 'yon, Sensui. Mas gusto kong matuto nang kusa. Interesado ako sa lahat ng bagay."

Ngumisi ako. **"That's good. Maging interesado ka sa bagay at 'wag sa tao, babe. Okay?"**

"Oo na."

Magkahiwalay kaming naghanap ng libro sa educational section. Palibhasa'y malapit sa school, may ilang nakakilala sa akin. Bulungan man ay hindi nakaligtas sa pandinig ko ang sariling pangalan nang banggitin 'yon ng tinig ng babae.

Tch! Imposible namang may kapareho ako ng pangalan? Pang-gwapo lang 'yon.

"Ang gwapo niya lalo sa malapitan!" dinig na dinig ko ang bulungan ng mga babae. **"Grabe, ang gwapo-gwapo niya! Ang kinis pa! Sobra!"**

Sang-ayon ako d'yan, bwahaha! At higit sa lahat, taken na ako.

Napangisi ako nang masulyapan ko ang umaasim nang mukha ni Taguro. **"Tsk tsk tsk."** Umiling siya.

"Hindi ko akalaing masusundan nila ako hanggang dito, babe."

"Kahit saan naman yata ay may nagkakagusto sa 'yo."

"E, ang kaso nasa iyo na ang puso ko."

"Tss. Bilisan mo na d'yan."

"Nagseselos ka ba?"

"Hindi naman."

"Magselos ka."

"Bakit?"

"Para may pakinabang sila. Hahaha."

"Tss, ang sama ng ugali mo."

"Naglalambing lang," bulong ko. Yumakap ako mula sa likuran niya at doon binasa ang librong hawak ko. **"Hindi ito ang hinahanap ko pero sa tingin ko ay kailangan ko rin 'to."**

"Ah, he's so sweet! She's so lucky," hindi kami tinigilang sundan ng mga estudyante.

"Hindi nila alam na ako ang maswerte sa 'yo, babe." Hinalikan ko siya sa pisngi matapos bulungan. **"Mas mainit ka na, babe. Anong oras ka huling uminom ng gamot?"**

Inihilig niya ang ulo sa leeg ko at sinulyapan ang aking relos. Kapag bumaling ako paharap sa kaniya ay mahahalikan ko na siya. Masiyado siyang malapit, nakakakilig kung manlambing.

"I love you, babe," napapangiti kong bulong. *Sana ay lumingon siya, hehe!*

"Sa tingin ko ay kailangan ko nang uminom ng gamot pagkalabas natin dito,"napapabuntong-hiningang aniya saka lumayo. Agad na gumuho ang pangarap ko. **"Nahanap mo na ba 'yong librong gusto mo?"**

"Hindi pa, sandali na lang."

Hindi na rin kami nagtagal sa mall. Matapos kong bayaran ang pinamili namin ay nagyaya na akong umuwi. Kahit hindi imbitado ay tumuloy ako sa apartment nila. Kailangan kong masiguro na umiinom siya ng gamot.

"Wow, first day, first date!" bungad ni Beka.

"Good evening," nakangiting bati ko. Nagpaalam si Taguro na magpapalit ng damit. Ibinigay ko ang pasalubong namin sa mga kaibigan niya.

"I want to be with Maxwell everyday," ungot ni Yaz mayamaya. **"Gusto kong mag-enroll sa BIS!"** maktol niya pa.

"Stop me!" pareho kaming nagulat sa reaksyon ni Parrot. **"Nakakadiri ka talaga, ate! Mahiya ka nga? Please? I beg you. Psh."**

"Bakit hindi ka mag-aral uli?" natatawang tanong ko.

"Psh! It's just a waste of effort, time and money. Si Maxwell ang gusto kong makasama. And for sure hindi mangyayari 'yon dahil super busy siya." Lalo siyang ngumuso. **"Kung may kinalaman lang sana sa hospital ang natapos ko, pwede akong mag-work sa BISH."**

"Hindi ba dumadalaw dito?"

Nakanguso siyang umiling. **"He doesn't make an effort to see me. Si Maxpein ang pumupunta sa mansyon nila. Recently ay napapadalas ang pagbisita niya ro'n. How I wish na si Maxwell naman ang dumalaw dito."**

"Talaga? Anong ginagawa niya ro'n?" tanong ko, pilit na itinago ang interes ko. Interesado akong malaman kung bakit madalas pumupunta si Taguro sa mansyon nila. Sa pagkakaalam ko ay madalang niyang gawin 'yon, kahit pa maayos na sila. Hindi gaya noong dati na talagang umiiwas siyang pumunta.

Ang paalam niya sa 'kin ay may aasikasuhin siya. Pero wala siyang nababanggit kung tungkol saan ang mga iyon at kung saan ang punta niya. Gusto kong malaman kung ano ang pinagkakaabalahan niya.

"May inaasikaso siya kasama ang pamilya niya. Hindi rin namin alam ni Zarnaih kung tungkol saan."

"Wala ba siyang nabanggit sa 'yo, Parrot?" baling ko dito.

"Wala naman," iling niya. **"But honestly, I don't want to ask her na rin since family naman ang kasama niya."**

"Babe," nangibabaw bigla ang tinig ni Taguro. **"Tara."**

"Tutulungan ko na muna si Taguro mag-ayos ng gamit," paalam ko.

"Yes, please," maarteng ani Yaz. **"Para gumaling na siya nang tuluyan. Miss na miss ka yata niyan, nilagnat."** Tinawanan ko na lang siya.

"Let me help you, babe," presinta ko nang makapasok kami sa kwarto.

"No need," ngiti niya. **"Maupo ka at magkwento."**

"About what, babe?"

"About your first day of class." Ngumiti siya sa 'kin. **"Natutuwa ako sa reaksyon mo. Masaya ka talaga. Dahil do'n ay masaya rin ako,"** ramdam ko ang sinseridad niya, ang sarap sa pakiramdam.

Nag-isip at inalala ang unang araw ng klase ko. *Totoong masaya 'yon pero hindi iyon ang gusto kong sabihin sa 'yo, Taguro.* **"Babe?"**

"Mm?" Nilingon niya ako saka muling isinalansan sa table ang mga bagong gamit niya.

"Nakita ko na naman 'yong babae," pag-amin ko.

Nakita ko siyang matigilan. Marahan niyang ibinaba ang mga pintura, nananatiling nakatalikod sa gawi ko. Gayunman, hindi nakaligtas sa paningin ko ang blangko niyang ekspresyon. At kapag gano'n, iba na ang kaba ko dahil hindi ko mabasa kung ano ang nararamdaman niya.

'Wag sana siyang magalit. I love you, babe!

Nilingon niya ako. **"'Yong babae sa Palawan?"**

"Yes, babe."

"Nasaan?"

"Nasa parking lot siya kanina," tugon ko. Napabuntong-hininga siya. **"Napahiya pa nga ako kasi akala ko ay sinusundan niya ako. Pero mukhang nagulat din siya nang makita ako."**

"So, hindi niya inaasahang nandoon ka rin?"

"Gano'n na nga, babe. I love you, babe."

Bumuntong-hininga siya at marahang kinamot ang noo. Nakanguso akong lumapit. **"Babe?"** Ipinatong ko ang aking mukha sa kaniyang balikat. Naramdaman ko ang init niya pero mas nangingibabaw ang pangamba ko ngayon. Pakiramdam ko ay magagalit siya sa 'kin at ayaw kong mangyari iyon.

"Kilala mo ba ang babaeng 'yon?"

"Hindi ako interesado, babe."

"Ang pangalan niya, alam mo?"

"Eerah Anitha raw, e."

"Nagpakilala," tatangu-tangong aniya saka humarap sa 'kin. Sumandal siya sa table, pinagkrus ang mga braso at kunot-noong tumingin sa 'kin.

"I love you, babe."

"Tss. Anong nangyayari sa 'yo?" Dumilim ang mukha niya. **"Kinakabahan ka."**

Lalo akong ngumuso. **"Natatakot ako sa 'yo."**

"Inaano ba kita?"

"Baka magselos ka kasi sa kaniya," nakangusong tugon ko. **"Ayokong maulit 'yong naramdaman mo no'ng nasa Palawan tayo. Ayaw kitang makitang gano'n, Taguro. Nasasaktan din ako."**

Ngumiwi siya. **"Mukhang hindi maiiwasan."**

"What do you mean, babe?"

Hindi agad siya sumagot. Nasa akin ang kaniyang paningin ngunit tila tumatagos iyon sa akin. **"Hindi ako selosa pero meron akong limitasyon,"** pabulong niyang dagdag. Napamaang ako. **"Kung gano'n ay siya ang kusang lumalapit sa 'yo. At kung totoong hindi ikaw ang sadya niya sa school kanina, mukhang pati pagkakataon ay nananadya. Hindi mo na kasalanan 'yon."** Ngumisi siya. **"Hayaan mo na lang siya."**

"Hindi ka galit sa 'kin?"

"Bakit ako magagalit? Nagpapakatotoo ka lang, Deib."

Kunot-noo akong ngumuso. **"Bakit Deib, babe? Bakit Deib?"** Napapikit siya, batid kong nakakaasar ang tono ko.

Gusto kong malaman kung ano ang nararamdaman niya. Ngunit masiyadong imposible iyon dahil wala pa ring mabasa sa mga reaksyon niya. Kinakabahan ako na baka hindi lang siya nagsasabi. At magulat na lang ako, galit pala siya.

"Babe..." Yumakap ako sa likuran niya. **"I know you're jealous."** Nakamot ko ang noo.

Naramdaman ko siyang bumuntong-hininga. **"And that's natural,"** malambing niyang sagot. **"Don't worry about me."**

Hindi ako kumbinsido. **"Hindi ako lalapit sa kaniya. I promise."**

"'Wag kang mangako, Sensui."

"Babe? Parang pinaghihinalaan mo naman ako niyan, e."

"Babe," ginaya niya ang tono ko, seryoso. **"Sa Palawan mo siya unang nakita, at ngayon ay nandito siya,"** kunot-noong aniya. **"Hindi ko malaman kung anong gusto niya. Sa tingin ko ay talagang tagarito ang isang iyon at sinundan ka lang talaga sa Palawan."**

Huh? Sandali akong natigilan at napatitig sa kaniya. Pakiramdam ko ay lalo akong natakot sa babaeng 'yon.

"Pero ayaw ko na siyang pag-usapan. May tiwala ako sa 'yo," sinsero niyang sinabi. Saka ngumisi. **"Lalo na sa nararamdaman mo."** Kinagat niya ang sariling labi.

Nakahinga ako nang maluwag. Hinawakan ko siya sa pisngi at pinagdikit ang mga noo namin. **"I love you so much, Maxpein,"** nakapikit kong sinabi. **"Mahal na mahal kita."**

"Mahal din kita."

Napamulat ako at bahagyang lumayo. Napatitig siya sa akin. **"Mahal lang?"** nagmamaktol kong tanong.

"Mahal na mahal."

"Nasaan na 'yong kita?" nakanguso ko na namang tanong.

"Tss."

"Buuin mo kasi, babe. Kasama sa effort 'yon. Mag-effort ka para sa 'kin."

"Nawawala ang angas ko kapag ikaw ang kaharap ko, Sensui," maangas niya 'yong sinabi, naiinis pero sadyang malakas ang dating. **"Ultimong ang sabihin 'yan ay hindi ko magawa dahil nauubos ang lakas ko kapag nandito ka sa harap ko. Ang lapit-lapit mo pa naman. Tsk."**

"Ganon ang epekto ko sa 'yo?"

"Oo." Sumagot siya nang nakatingin sa mga mata ko. **"Naiilang ako sa 'yo."**

Napahalakhak ako. **"Hahaha! Ang tagal tagal na kitang girlfriend."**

Kumunot ang noo niya saka nag-iwas ng tingin. **"Wala kang pakialam."**

"I love you, babe."

"Mm."

"Sagutin mo!"

"I love you."

"I love you more, hehe." Hinalikan ko siya sa noo. Hinawi niya ako sa nguso. **"Hindi ka pa ba tapos d'yan? Kailangan mo nang magpahinga. Ako na ang mag-aayos niyang mga gamit mo,"** prisinta ko. Iginiya ko siya paupo sa kama niya. **"Ituro mo sa 'kin kung saan ko ilalagay ang mga ito."**

Gano'n nga ang ginawa namin. Itinuro niya kung saan ilalagay ang mga gamit na pinamili niya. Bagaman tahimik, ako lang ang gumagawa ng ingay, nakakatuwa dahil tutok sa 'kin ang kaniyang paningin. Para bang walang sandali na gusto niyang alisin sa 'kin ang kaniyang mga mata. Ang bawat kilos ko ay pinapanood niya. At sa t'wing lilingunin ko siya ay napapangiti ako sa lalim nang pagkakatitig niya sa akin.

Naupo ako sa tabi niya nang matapos. **"Matulog ka na,"** ngiti ko. **"Uminom ka ng gamot pagkagising mo bukas, ha? 'Wag mong kalilimutan."**

"Oo, promise."

"Inaantok ka na ba?"

"Oo. Kailangan ko nang magpahinga para bukas ay ayos na ang pakiramdam ko."

"Gusto na kitang halikan, Taguro."

"Gusto ko na rin." Sa halip na ngumisi ay natigilan ako sa isinagot niya.

"Talaga?" namamanghang tugon ko, hindi makapaniwala. Tumango siya, mas napangiti ako. **"Ang sweet mo sa 'kin ngayon, ah? May kailangan ka, 'no?"**

"Sa 'yo? Asa."

"Sana hindi lang 'yan dahil sa sakit mo. Sana parati kang ganiyan."

Nakangiwi siyang umiling saka napangisi. **"Depende sa mood ko."**

Hindi na ako nag-aksaya pa ng segundo. Marahan ko nang inilapat ang labi ko sa kaniya at kakaiba ang isang ito ngayon. Napakatamis ng dating dahil hindi ko na maramdaman ang kaba niya.

Gusto niya rin akong halikan, bwahahaha! Naglilitawan na naman ang mga puso, oh, ang mga puso ko!

Hinawakan kong maigi ang mukha niya at tanging ulo ko lamang ang gumagalaw sa pagitan ng halikan naming dalawa.

Matagal na matagal iyon ngunit pakiramdam ko ay kulang na kulang.

Siya ang kusang humiwalay sa 'kin. Hindi naman ako nabigo dahil nakontento ako sa sarap ng pakiramdam.

"Umuwi ka na. May pasok pa tayong pareho bukas," nakangiting sambit niya, nakatitig sa aking mga mata.

"Sasabayan kitang maglunch bukas."

"Oo, sige, hihintayin kita."

"'Wag kang didikit do'n sa lalaki, Taguro, ah? Malinaw na usapan 'yan," babala ko. Nakangiti siyang tumango. **"Tsk,"** mayamaya ay asik ko.

"What?" angil niya.

Ngumiwi ako. **"Hindi kita maiwan. Ang hirap-hirap mo laging iwan."**

"Magkikita naman tayo bukas."

"Alam ko. Tch. Magwawala ang mga puso ko kapag hindi kita nakita bukas. Hehehe," biro ko saka siya hinalikan sa noo. **"Mauuna na muna ako, babe. Hanggang bukas."**

"Mm, bukas." Tumango siya. **"Goodnight."**

"Sana mapanaginipan mo ako."

"Pipilitin ko, babe. Tawagan mo ako kapag nakauwi ka na, kapag hindi ko nasagot ay mag-text ka."

"I love you." Gusto ko na namang maglambing. Ang hirap umalis sa tabi niya.

"Ingat ka."

"I love you—"

"I love you." Pinangunahan niya ako.

Dinampian ko ng halik ang bawat parte ng kaniyang mukha. Ang nakakatuwa ay wala siya maski katiting na pagprotesta.

Napakaganda sa pakiramdam. Hindi napalis ang mga ngiti sa labi ko hanggang sa makauwi ako. Napakarami ko pang ginawa pero hindi na ako nakaramdam pa ng pagod.

Sinunod ko ang sinabi ni Taguro. Tinawagan ko siya nang mahiga ako sa kama. Pero gaya ng sinabi niya ay hindi niya na nga nasagot pa 'yon kaya nag-text na lang ako.

Compose Message

To: ♥T♥A♥G♥U♥R♥O♥

Hi, babe! Matuutlog na rin ako. Sana ikaw ang katabi ko bukod dito kina Tagsen at Taguro, na ayaw mong iuwi. Masama pa rin ang loob ko. Pero kapag naiisip kong ayaw mong kunin 'to dahil gusto mong may mayakap ako, nagbabago ang damdamin ko. I love you so much, babe. I am crazy and deeply in love with you and it's all your fault. Sana ako ang laman ng panaginip mo. I'll see you tomorrow. Good night.

Message Sent!

Nakangiti kong binasa nang paulit-ulit ang mga nakaraang text conversations namin hanggang sa makatulugan ko na iyon.

KINABUKASAN ay nagising ako sa magkakasunod na katok. Kasunod niyon ay tinig ni manang. Agad akong kumilos at pumasok. Nagawa ko lang tingnan ang cellphone ko nang makaparada.

Wala man lang siyang text. Tch! Kailan ba siya magiging masipag sa pagte-text? Nakanguso kong tinawag si Taguro. **"Oh?"** 'ayun na naman 'yong walang lambing na bungad niya.

"Tch." Gusto kong magalit pero napapangiti talaga ako. **"Hindi ka man lang nag-text."**

"Baka tulog ka pa, e. Nasaan ka na?"

"Kararating ko lang, nasa parking lot pa ako."

"Tama nga ang sinabi mo, babe. Nandito kami ngayon sa Bio lab at bugnot na bugnot na ako. Wala akong talento sa pagdo-drawing nang mabilisan," nawawalan ng pag-asa, nauubusan ng pasensyang aniya.

"Talaga? May bagay pala, bukod sa paghalik, ang hindi kayang gawin ng isang Taguro?"nang-aasar kong sabi. **"Hindi ko alam 'yan, ah?"**

"Woi, wala akong sinabing hindi ako marunong mag-drawing. Hindi ko lang kaya nang mabilisan. Baka nakakalimutan mong nai-drawing ko ang BIS? Tss." Natural talaga ang angas at yabang niya. Nagagawa niya 'yon nang walang effort. **"At saka...ano 'ka mo, hindi marunong humalik?"** pinagkadiinan niya ang mga huling salita.

"Yes, babe, yes. Hindi ka marunong humalik," nanunuksong tugon ko.

Sandali siyang natahimik. **"Matututo rin ako, maghintay ka lang—"**

"Shut up," bigla akong nainis. **"Sa akin ka lang pwedeng matuto, Taguro,"** naniniguro, nagbabanta ang tinig ko.

"At kanino ka naman natuto?"

Natigilan ako. **"Wala!"**

"Tss."

Napanguso ako nang wala siyang ibang sinabi. **"Alam ko ang iniisip mo, Taguro. Walang ganiyan. Magaling lang talaga ako."**

"Hindi ka gagaling kung wala kang pinagsanayan, Sensui."

Tsk! **"Nasa loob ka ng klase, bakit ba nakikipagtelebabad ka? "**

"Sa tingin mo ba ay isang Miss Agaser ang papalag sa isang del Valle?"

"Manahimik ka na. Mag-aral ka d'yan. Magkita na lang tayo sa lunch time."

"Oo, at magpapaliwanag ka sa 'kin tungkol d'yan sa paghalik-halik mo. Bakit nga ba hindi ko napansing napakabihasa mo? Tsk tsk." Nakakatakot ang pagiging sarkastika niya.

"Babe? Inaaway mo naman ako."

"Am I?" Sa tinig niya ay nasisiguro kong nakangisi siya. Pero iyon 'yong ngisi na kailangan kong ikatakot. **"Pero aminin mo, maganda ang**

rason ko at nanggaling mismo sa bibig mo. Sige na, marami pa akong gagawin."

"Babe—" Hindi ko na siya nagawa pang habulin nang babaan niya ako ng linya. *Lagot ka, Deib Lohr!* Kunot-noo akong ngumuso. **"Tsk. I haven't tried kissing Kimeniah the way I kissed Maxpein. Kahit ako ay hindi alam na marunong akong humalik. Tch."**

Kamot ko ang ulo habang naglalakad papasok. Syempre pa, kasunod no'n ay ang bulungan at impit na tili ng mga babaeng nakatanghod sa 'kin. Hindi na ako nagulat.

Panibagong taon, panibagong admirers. Tsk. Nakakasawa.

"Lovemir!" malakas na sigaw ng mga kababaihan.

Lovemir? Nangunot ang noo ko. Inis akong lumingon at mas nainis pa nang mamataan ko ang lalaking 'yon. *Tch. Ikaw pala 'yong lampa na umaakit sa aking nobya? Yari ka sa 'kin ngayon!*

Pasimple akong huminto at nagpanggap na abala, saka pinagmasdan ito. He was wearing all black from his head to toe, that's too plain, too goth and just too "dark".

Meron ba siyang kulto? Tch. 'Baduy!

I'm not against all black. It's just the absence of color anyway. And I don't care if he's a diehard all black dresser, he can wear whatever he wants, as long as he's not coming near my girl.

"Grabe! Siya 'yong bagong senior! He's so handsome, sobra!" Hindi napigilan ng isang estudyante ang purihin ito nang harapan.

Tch! E, ni wala man lang nga sa kalahati ko 'yan!

Hindi ko makita nang lubusan ang mukha niya dahil sa suot na itim na itim na shades. Gusto kong itanong kung may nakikita pa ba siya sa nilalakaran.

Pero tatandaan ko ang bawat anggulo ng kabuuan mo. Hindi ka pwedeng dumikit sa girlfriend ko.

Gaya ng mga babaeng nakasunod at nagkakandarapa dito ay nilampasan niya ako nang hindi lumilingon. Para bang wala siyang naririnig. Para bang wala siyang pakialam.

Hindi na ako magtataka kung bakit gano'n ang reaksyon ng mga babae. Bukod kasi sa malandi sila ay hindi maitatanggi ang hitsura ng baguhang iyon.

Tch! Sa sobrang ganda ng mata ko, pati gwapo ay nasusuri ko. Pero hindi siya pasado, ibig sabihin ay hindi siya gwapo! Bwahahaha!

Nakangisi akong nagtuloy papasok. Naisip kong asarin si Taguro.

Compose Message

To: ♥T♥A♥G♥U♥R♥O♥

Nakita ko 'yong lalaki mo. Baduy. Wirdo. May itim na aura. He's late! Hindi dapat tularan, babe. Mahal kita, babe. 'Wag mo 'kong sasaktan. Bibigyan kita ng mga puso para makapag-aral ka nang mabuti. <3 <3

Message Sent!

Grabe. Sumosobra na yata ang sweetness ko. Napakaswerte ni Taguro. Hehe!

Palibhasa'y maaga pa, nagbasa ako na muna ako. Pero sa halip na matuto ay naalala ko ang halik ni Taguro.

Kailangan ko na rin sigurong bumili ng libro tungkol sa kiss. Hehehe! Napangiti ako kasunod niyon ay ubo. **"May ubo na rin yata ako."** Nang suminghot ay may sipon na rin ako.

Magkakasunod na nagdatingan ang mga estudyante, nahuli ang propesor. 'Ayun na naman 'yong kakaibang excitement ko na magsimula ang klase. Ang karamihan sa mga propesor ko ay palabiro. Madalas ding magbigay ng motivational words ang mga ito dahilan para ganahan kaming mga estudyante.

Hanggang ngayon ay wala pa rin akong kaibigan sa mga kaklase ko. Hindi naman sa hindi ako interesado, alam ko lang kasing meron akong matatakbuhan at karapat-dapat na puntahan.

Nang matapos ang klase ko ay tinawagan ko si Taguro. **"Oh?"** Syempre, hindi na ako umaasang magbabago pa ang paraan niya nang pagsagot.

"Babe, lunch break ko na."

"Papunta na rin kami sa canteen."

"Papunta pa lang?" nakangiting tanong ko at saka ako nagsimulang maglakad.

Ngunit natigilan ako nang may mahagip ang mata ko. Binigyan ko iyon ng pangalawang tingin pero wala na ito ro'n.

Namamalik- mata lang ba ako? Pakiramdam ko ay nakita ko si Eerah Anitha. At ang masama, naka-uniporme pa. *Sana ay nagkakamali lang ako. Nagkakamali lang ako. Mali ang makita siya dito.*

"Woi!"

"Oh?" gulat na tugon ko. Wala na ako sa sarili. Nawala sa isip kong nasa kabilang linya si Taguro.

"Nakikinig ka ba?"

"Ano uli 'yon, babe?"

"Anong nangyari sa 'yo?"

"Wala, babe, ano uli 'yong sinabi mo?"

"Ang sabi ko ay pumunta ka na dito para sabay tayong mag-lunch."

"Sige, babe, mahal na mahal kita."

Hindi agad siya sumagot at nadinig kong bumuntong-hininga siya. **"Mm, sige, magkita na lang tayo sa canteen."** 'Ayon na naman iyong malamig na paraan niya ng pananalita. Paniguradong nakahalata siya.

Ano ba ang nangyayari sa 'yo, Deib? Tsk!

Hindi mawala ang kaba ko. Pilit kong sinasabi sa isip na guni-guni ko lang 'yon pero iba ang kutob ko. Tuluyan akong nawala sa sarili kaiisip. Inaaalala ko ang nakita ko, at higit na ang mararamdaman ni Taguro. Sa sobrang lakas kasi ng pakiramdam niya ay naaapektuhan ako. Pakiramdam ko ay parati niyang alam ang laman ng puso't isip ko kaya hindi ako pwedeng magtago. O maaaring masiyado lang talaga akong halata kaya nagkakaroon siya ng ideya. Gayunpama'y ayaw kong maglihim sa kaniya.

Pero ang tungkol sa puso ko, hindi ko pa kayang sabihin sa 'yo, babe, sana maintindihan mo.

Bumalik lang yata ako sa ulirat nang mangibabaw ang tilian ng mga estudyante pagtungtong ko sa canteen ng secondary. Ano pa nga ba ang bago? Ginawaran ko sila ng pamatay kong ngiti sabay kaway. Lalong naging maingay.

Agad kong namataan si Taguro. **"Hi, babe,"** hinaplos ko ang kaniyang pisngi. Nagkalampagan ang ingay sa mga katabing mesa. **"Do you hear that, babe?"** tanong ko, nagyayabang.

Magkalapat ang mga labi ni Taguro. **"Wala akong ibang gustong pakinggan kundi ang paliwanag mo, Deib,"** idiniin niya ang pangalan ko.

Namapaang ako at aligagang naupo sa tabi niya. **"Ano na naman 'yon, babe?"** nakanguso kong tanong, halos ingudngod ang sarili sa kaniya.

"'Dre!" bigla ay nangibabaw ang tinig ni Tob. **"'Naaay! Hindi nagyayaya 'to, e."** 'Ayun na naman 'yong mapang-asar niyang tinig.

Napangiti ako nang makita ko silang dalawa ni Lee. **"Tsh, sino-solo mo si Max, ah?"**

"Tch! Bakit ba 'yong akin nang akin ang sinisita mo, e, may Parrot ka naman?" asik ko. **"Hahaha! Na-miss ko kayo!"**

"Alam ko, tsh. Hi, sweetheart," baling ni Lee sa kinikilig nang si Parrot.

"Hi, baby!" bati naman ni Tob sa mas kinikilig na si Michiko.

Matinding ingay at kalampagan ang nangibabaw sa buong canteen. Inilingan nalang kami ng masungit na cashier.

Muli akong bumaling kay Taguro. **"Uminom ka na ba ng gamot mo?"** Pakikiramdaman ko sana ang leeg niya ngunit nag-iwas siya. **"Ano ba? Titingnan ko kung mainit ka pa."**

"Okay na ako, um-order ka na."

"Uminom ka na ng gamot mo?"

"Oo. Nagugutom na ako."

"Tara, 'dre, hindi tayo pwedeng ma-late," anyaya ni Tob na kinindatan pa si Michiko bago nanguna papunta sa line. **"Grabe, sweetness overload, hahaha!"**

"It's been a long time, 'dre," tugon ko.

"Bading na bading ka nga, e. Bakit gano'n, 'dre? Parang ikaw lang ang patay na patay kay Max?" hindi nawawala ang nakakaasar na tono ni Tob.

"Mukha mo! Patay na patay rin sa 'kin 'yan. Hindi lang talaga showy." Sabay-sabay kaming natawa. **"Alam mo na, si Taguro 'yon kaya hindi pwedeng mabawasan ang angas."** Bumaling ako kay Lee. **"Ano? Kumusta ang college life, 'dre? Mukhang stressed ka."**

"Psh! Look, even his forehead got stretchmarks, 'dre! Haggard!" pang-aasar ni Tob, nagtawanan kami.

"Shut up, Tob. I'm really busy. Naggtatampo na nga si Zarnaih." Seryoso si Lee, hindi makuhang maasar. **"I don't like my schedule. Masiyadong hectic."**

"Kaya mo 'yan, hehe. Pa-business-business ka pa kasi." Walang ipinagbago sa kalokohan si Tob. Mula sa linya hanggang sa makabalik sa mesa ay puro kalokohan ang lumalabas sa bibig niya. Lalo na nang sabayan siya ni Parrot. Hindi sa kabusugan nanakit ang tiyan namin kundi sa tawanan.

"'Buti hindi mo kasama 'yong asungot ninyong kaklase?" bulong ko kay Taguro. Nagtataka niya akong nilingon. **"'Wag kang didikit do'n, ah?"** Tumango na lang siya para manahimik ako. **"Kumusta ang pakiramdam mo?"**

"Ayos na nga ako," nakasimangot niyang sagot. **"Pwede na nga akong manapak ngayon, e."**

"Sino namang sasapakin mo? Tch, napaka-warfreak mo, babe. Tigilan mo na 'yan dahil graduating ka na."

"Sinong kaaway mo, Max?" sabad ni Tob. **"'Wag mo sabihing may mga nambu-bully pa rin sa 'yo rito? Sshhk! Sabihin mo kay Deib Lohr! Sino ang umaaway sa 'yo?"**

"Wala naman," nakangiting tugon ni Taguro. **"Magkakaro'n pa lang."**

"Anong ibig mong sabihin?" inis na tanong ko. **"Hoy, Taguro, 'wag kang magsimula ng gulo, ah? Ayaw kong malaman na sumasali ka sa gulo, lagot ka sa 'kin. Mag-aral ka na lang."**

"Yiee! Ang sweet ni Deib!" tudyo ni Michiko. Nakitukso naman ang mga bakla sa kanila.

"Tch! Ayaw kong nakikisali ka sa mga gulo, babe. Hindi magandang gawain 'yan, tama na 'yong mga nangyari no'ng nakaraan."

Tsk! Kahit kailan! Akala ko pa naman ay nagbago na siya at babaeng-babae na. Nagkamali ako.

Nasa ganoon kaming sitwasyon nang mangibabaw na naman ang tilian ng kababaihan. Sabay-sabay kaming napalingon sa entrance upang tingnan ang dahilan niyon.

"Sino 'yan?" tanong ni Tob.

"Waaa! Ang gwapo mo, Lovemir! Kinikilig ako sa paraan ng paglalakad niya!" Samu't saring papuri ang umalingawngaw nang maglakad si Lovemir sa gitna ng mga estudyante.

"'Uy, Lovemir!" pagtawag ni Migz.

"Hey, Migz," tumango si Lovemir.

Peste!

Inis kong nilingon si Taguro. Abala siya sa katititig sa pagkain, na para bang bubuka nang kusa ang pakpak ng kinakaing manok.

Hehehe, wala siyang pakialam sa presensya niya.

"Bakit hindi ka sumabay sa 'ming kumain, Lovemir?" tanong naman ni BJ. **"Kumain ka na ba?"**

"Yeah, tapos na. Salamat." Ngumiti si Lovemir.

"Dito ka na muna."

"Hindi na, may gagawin pa ako. Salamat." Tumango si Lovemir kay BJ, pasimpleng sinulyapan si Taguro, saka bumaling papalayo.

Anak ng...titingin pa? Titingin pa? Inis kong nilingon si Taguro. Hindi talaga siya maabala sa pinapapak na manok.

"Sino 'yon?" tanong ni Lee.

"Taguro, male version," natatawang tugon ni Parrot. *Tch!* Nilingon ko si Taguro. Wala man lang nagbago sa hitsura niya.

"Hindi rin 'yon palakibo, matalino rin at may angas," dagdag ni Michiko. Kunot-noo ko siyang pinakinggan. **"Pareho silang tahimik ni Max. You know what? Silang dalawa lang ang nakakasagot sa klase kanina. Pinagbigyan na lang sila ni Naih dahil mukhang enjoy na enjoy si miss na tanongin sila."** Natigilan siya nang makitang masama na ang tingin ko.

Muling nangibabaw ang tilian ng kababaihan nang maglakad papalabas si Lovemir. Wala man lang pakialam ito. Hindi man lang maapektuhan sa pagkakaroon nang biglaang taga-hanga. Masiyadong tutok sa binubuksang bote ng mineral water.

"Laos." Gulat kong nilingon si Taguro matapos sabihin iyon.

"Ano 'ka mo?" asik ko.

"Tss." Nakuha pa niyang tumawa. **"Biro lang."**

"Tch! Ulitin mo nga 'yong sinabi mo?"

"Biro lang, babe. Ikaw pa rin ang campus crush ng buong BIS."

"Si Lee 'yon!"

"Si Lee ang campus hearthrob, ikaw pa rin ang campus—"

"Bully!" pananaw ni Tob saka sila sabay-sabay na tumawa.

Lalo akong nainis. **"Tsk, Taguro?"** angil ko. Itinikom niya ang bibig at nagpanggap na hindi natatawa. **"Sinabi nang 'wag kang dumikit do'n."**

"Nakita mo ba 'kong dumikit?" natatawang tugon niya saka umiling. **"Hindi nga ako umalis sa tabi mo."**

"Naku, Deib, mahirap 'yan," ani Michiko. Inis ko siyang nilingon. **"They're seatmates!"**

"What?" napapatayong angil ko. Napapamaang kong nilingon si Taguro, inosente niya akong tiningnan. **"Taguro naman?"**

" Seloso!" pang-aasar ni Lee.

"Wala nang ibang available na upuan."

"No. Makipagpalit ka, 'wag kang tumabi ro'n."

"Katabi ko naman si Naih sa kabila."

"Then switch seats with Parrot."

"Hey!" singhal ni Lee na dinuro pa ako.

"Tsk!" asik ko at saka inis na naupo at nagkamot ng ulo. **"Babe?"**

"Ano bang nangyayari sa 'yo? 'Wag ka ngang OA? Tss. Magkatabi lang kami, we're not close."

"Siguraduhin mo."

"Sigurado na. 'Wag kang makulit. Hindi ka na makakasabay sa 'kin kung ganiyan ka."

Natahimik ako. *Hindi ko gusto ang lalaking 'yon! Bakit kailangang magkatabi pa sila?*

Matapos kumain ay inihatid namin sila sa classroom. Syempre, hindi na nawala sa isip kong katabi ni Taguro sa klase ang lalaking 'yon. Hanggang sa sandaling iyon ay kung ano-ano ang naiisip ko. Pero hindi ko na maisatinig pa ang mga 'yon dahil nagagalit na si Taguro.

"O, ingatan niyo 'tong babae ko," habilin ko. **"Bawal dikitan 'to nang kahit na sino, maliwanag?"** nagbabanta kong sabi saka nilingon si Taguro. **"May mga mata ako sa campus na 'to, Taguro, 'wag kang magkakamali."**

"Hindi ako ang dapat mong pagsabihan niyan, Sensui."

"Tch! Kaya pala unang araw pa lang ay may iba ka nang kasama at ang masama, katabi mo pa?"

"Hindi ko siya kasama, 'wag kang mapilit."

"O, sige, 'wag ka nang magalit, hehe," ako na rin ang naglambing. **"Kiss mo na ako."**

"Tss, sira ba ulo mo?"

"Wala namang papalag d'yan. Dali na."

Namula agad siya. **"Tumigil ka nga."**

"Hehehe. Mamaya na lang," bulong ko. Namula agad siya at nag-iwas ng tingin. Bahagya ko siyang inilayo sa mga nanunukso nang kaibigan niya. **"Ang ganda-ganda mo lalo ngayon, babe."**

"Tss."

"Kaya gusto lalo kitang halikan, hehe," bulong ko.

"Tigilan mo ko, Deib. Tsk."

"Nahihiya ka ba sa 'kin?" Inayos ko ang sabog niyang buhok. **"Itali mo nga 'yang buhok mo,"** utos ko. Napapabuntong-hininga siyang bumaling papasok sa restroom. **"Tingnan mo 'to, papasok lang, sa panlalaki pa."**

"Ito ang mas malapit." Napangiti ako nang itali nga niya ang buhok.

Sumusunod siya sa 'kin. Hehehe! Ang sarap sa pakiramdam.

Lumapit ako at hinawakan siya sa mga balikat. Ngumiti ako nang magtama ang paningin namin mula sa salamin. **"'Ayan, mukha ka nang estudyante."**

"Mukha ba akong titser kanina? Tss."

"You don't get it, don't you? Tch. Mas maganda ka kapag nakaladlad ang buhok, kailangan mong iwasan 'yon, Taguro. You're mine." Pinagkibitan ko siya ng balikat, nagyayabang.

"Oo na. Pumasok ka na, male-late na 'yong dalawa."

"Mag-aral kang mabuti, ha?"

"Oo, ikaw rin."

"'Wag kang sasali sa gulo, ah? Kapag narinig ko na pumasok ka sa gulo," inilingan ko siya, nagbabanta. **"Kababae mong tao, babe."**

"Gumawa ka ng paraan para hindi mag-init ang ulo ko, Sensui." Sinabi niya iyon nang nakataas ang kilay. Binigyan ko siya ng nang-aasar na tingin pero masiyado siyang seryoso.

Ngumuso naman ako at sinulyapan ang mga kasama naming abala sa pag-uusap sa labas. **"Anong paraan naman, babe?"**

"'Yong paraan na hindi kukulo ang dugo ko, Deib. Dahil para akong takure na nakasalang sa kalan, 'wag mo 'kong sisindihan dahil kapag pumito ako sisiguraduhin ko sa 'yong hindi mo 'ko mahahawakan."

Natigilan ako at biglang kinabahan. **"Babe naman?"** ungot ko. **"Ano na naman ang ginawa ko?"**

"Wala," nakangiting tugon niya. **"Wala kang ginawa kaya hindi mo kailangang kabahan."**

"Natatakot ako sa mga sinasabi mo, e."

"Wala ka namang dapat ikatakot."

"Meron, tch." Ngumuso ako.

Bumaling siya papaharap. 'Ayun na naman 'yong tumatagilid niyang paraan ng panunuri, na animong pinag-aaralan ang kabuuan ko. **"Dalawa ang pinanggagalingan ng takot, Sensui, katotohanan at kasinungalingan. Pag-isipan mong maigi kung alin sa dalawang 'yan ang tunay mong nararamdaman. Minsan kasi ay nakakalito 'yan,"** nakangisi at makahulugang aniya.

Nangunot ang noo ko. **"Hinuhuli mo ba ako?"**

"May kaso ka ba?"

"Seryoso ako, Taguro."

"Seryoso rin naman ako," nakangiting tugon niya. **"Mukhang may nakapasok na sawa sa manukan ko."** Bigla siyang sumeryoso saka bumuntong-hininga. Pinakatitigan niya ako sa mga mata. **"Ikaw ang**

pinakamagandang pag-aari na ibinigay sa 'kin, Deib Lohr, karapat-dapat kang ingatan." Nagbigay siya nang makahulugang ngiti.

Gano'n kabilis niyang binura ang aking kaba. **"Kaya nga habang dumarami ang nakikilala kong babae, mas nalalaman ko kung gaano ako kaswerte."** Hinaplos ko siya sa noo hanggang sa buhok. **"'Wag kang masiyadong mag-isip, okay?"**

"Pumasok ka na." Isinenyas niya ang mga kaibigan ko. Hindi niya inaasahan nang magnakaw ako ng halik sa kaniyang pisngi.

"Mister Enrile!" Nagulat ako nang mangibabaw ang pamilyar na tinig ni Ms. Agaser. Nakakabilib na wala man lang nagbago sa hitsura ni Taguro. Para bang inaasahan na niyang susulpot ito.

"What's up, miss?" abot tainga ang ngiti ko.

"What are you two doing here?" pinasadahan ng tingin ni miss ang kabuuan naming pareho ni Taguro.

"Pareho kaming nakatayo kung umihi, miss. How have you been, miss? Are you done with your class? You can have your lunch already."

"Hindi ka na nagbago, Mister Enrile. And what are you doing here, Miss del Valle?"

"I enjoyed learning, miss, you're one of the best," nakangising tugon ni Taguro, malayo sa tanong ng lecturer, tsaka tinapik ang balikat ko. **"See you later."**

"Puro kayo kalokohan, ha!" Wala ring ipinagbago si Miss Agaser. Malakas pa rin ang boses niya at mahusay maghinala.

Tatawa-tawang lumapit sa 'kin sina Lee at Tob. **"Loko, nahuli ka tuloy!"** ani Tob.

"Ulul, wala kaming ginagawang masama, sinamahan ko lang magtali ng buhok si Taguro. Hehe!" nakangisi kong tugon saka kami sabay-sabay na bumaling pabalik sa tertiary. Pero hindi ako pwedeng magsinungaling sa dalawang 'to. Nasisiguro kong alam nilang nakahalik ako kay Taguro.

"Deib Lohr, Deib Lohr, Deib Lohr." Pare-pareho kaming natigilan nang maglakad papalapit sa 'min si Eerah Anitha. Mabilis kong sinuyod ng tingin ang kabuuan niya. At hindi ako makapaniwalang nakikita ko siyang naka-uniform ngayon at may ipit na notebooks at books braso.

Nagtataka akong nilingon ng mga kaibigan ko. Hindi ko sila mabigyan ng sagot. Ang paningin ko ay natuon kay Eerah Anitha, at sa namumuong

galit sa aking dibdib. Ito lang ang nakapagpapainit ng ulo ko nang ganoon kabilis.

"I hate to see you but, what are you doing here?" Sinikap kong maging sarkastiko pero nabigo akong itago ang inis.

"I study here," malanding tugon niya. Kagat ang dulo ng ballpen, pinasahan niya ng tingin ang kabuuan ko.

"Talagang dito pa?"

"Of course! Because you're here."

"What do you want from me?" seryoso nang tanong ko.

"All of you, Deib Lohr Enrile—" Hindi niya na nagawang tapusin ang sasabihin nang bigla ko siyang hilahin sa kwelyo. **"You're hurting me!"**

"Deib," agad akong inawat ni Lee.

Pero hindi niya nagawang pigilan nang itulak ko si Eerah Anitha sa poste. **"You think it's funny? You're doing this intentionally, aren't you?"**

"Let go of me!"

"You're following me, aren't you?"

"So what?"

"What do you want from me?" tiim-bagang kong singhal.

"You know my reasons, Deib Lohr."

"Stop being too desperate for my attention, miss, I am taken," pinakadiinan ko. **"Hindi ako interesado sa 'yo. Please, stop."**

"The hell I care? I like you," angil niya saka ngumisi. Nabitiwan ko siya. Hindi ako makapaniwalang nasasabi niya ito nang ganoon kadali. Ngunit sa halip na makumbinsi ako ay lalo lang akong natakot sa kaniya.

"You're a creep," asik ko. **"Aren't you a little embarrassed for behaving like this?"**

"Bakit ako mahihiya, kung alam ko namang pwede kitang makuha?"

"Act like a lady. Respect yourself. Back off!" Hindi ko napigilan ang sarili kong itulak siya sa mas malakas nang paraan.

"Deib!" Pumagitna si Lee.. Pilit niya akong inilayo kay Eerah.

"This is really disrespectful, and I would appreciate it if you stop. I am warning you, back off," mas diniinan ko pa iyon. **"Higit pa diyan ang magagawa ko sa 'yo."**

"Oh, I can't wait," malanding tugon niya, kagat ang labi.

Crazy bitch! Hindi ko na alam kung ano pa ang sasabihin. Nangingibabaw ang galit ko at nag-aalala akong baka mapagbuhatan ko na

ito ng kamay.

"Hey," hinarap siya ni Lee. **"Who are you and why are you doing this?"**

"Hey. It's nice to see you again."

"Huh? I don't know you." Pinagkunutan siya ng noo ni Lee. **"This is the first time I saw you."**

"No, this isn't."

"Sa Palawan niya tayo unang nakita," sabad ko, ang masamang tingin ay na kay Eerah Anitha. Nagtataka akong nilingon nina Lee at Tob. **"Sa Palawan ay pinalampas kita dahil akala ko ay hindi ko na makikita ang pagmumukha mo. May coincidence ka pang nalalaman, sinusundan mo naman pala ako."**

"Because I like you—"

"Hey!" awat naman ni Tob. **"'Wag mong guluhin ang kaibigan namin. Please."**

"Hi, cutie!" Akmang hahaplusin ni Eerah Anitha ang pisngi ni Tob ngunit mabilis nakaiwas ang kaibigan ko. Nakangisi siyang bumaling ulit sa 'kin at iginuhit ang hintuturo sa pisngi ko.

Mabilis kong tinampal ang kaniyang braso. **"Don't touch me, I'm warning you!"**

"Syempre, hindi sa Palawan ang una nating pagkikita, Deib Lohr," malanding tugon niya. Saka niya kami tiningnang isa-isa mula ulo hanggang paa. **"We have seen each other before that."** Pare-pareho kaming napamaang sa gulat. Hindi ko nagawang kumilos nang maglakad papalapit si Eerah Anitha sa akin at bumulong, **"I want to taste your lips on mine again. See you around, baby."** Hinawakan niya ako sa braso bago naglakad papalayo.

Ang namuo na kakaibang kaba sa dibdib ko ay ginawa akong estatwa. Hindi ako nakakilos. Maging ang paningin ko ay natuon sa kung saan habang nag-iisip. Paulit-ulit kong binalikan ang nakaraan, inaalala kung saan ko ito unang nakita. Ngunit nabigo ako.

"What the hell?" kunot-noong baling ni Tob sa 'kin. **"You kissed her?"**

"What? Wait, let me explain. She kissed me," diin ko. **"It was an unwanted kiss."**

"Who is she?"

"I don't know her!" singhal ko.

Tinanaw naming pare-pareho ang papalayo nang si Eerah Anitha. Hindi ko maipaliwanag ang takot. Malayo iyon sa takot na naramdaman ko na noon. Paulit-ulit kong sinabi sa isip na noon lang ako nakaramdam ng takot sa isang malanding babae. Hindi lang siya ang humahanga nang may kabaliwan sa 'kin. Pero siya lang ang nakalapit nang ganoon. Napakalakas ng loob niya.

OceanofPDF.com

CHAPTER 175

DEIB'S POV

WALANG KASIMBILIS ang tibok ng puso ko. Hindi ko malaman kung ano ang ikinatatakot ko sa pagkikita naming muli ni Eerah Anitha. Kakaibang kaba ang idinudulot ng presensya niya sa 'kin. Nakakabalisa.

"Saan naman niya tayo nakita?" wala sa sariling tanong ni Lee. Nilingon ko siya. **"Hindi ko matandaan ang mukha niya."**

"Hindi rin siya pamilyar sa 'kin," ani Tob.

"Tsh. So she's intentionally following you, Deib Lohr?"

Napailing ako. **"I really don't know, 'dre,"** pabuntong-hininga kong sagot. **"I'm worried about Maxpein. Pinagseselosan niya ang babaeng 'yon. Inamin niya 'yon no'ng nasa Palawan tayo."** Nasuntok ko ang pader. **"Damn, I told her to stay away from me!"**

"Calm down, Deib."

"How?" asik ko. **"Baka siya pa ang maging dahilan para magalit lalo sa 'kin si Taguro."**

"Don't do something that will make her mad, or jealous."

"Of course, that's an easy thing for me to do," itinuro ko pa ang bibig ni Lee. **"But what about that bitch? Ang lakas ng loob niyang rumampa sa harap ko,"** umiling ako nang umiling. **"She's kissed me."**

"What?" hindi makapaniwalang singhal ni Tob.

Napahilamos ako kasabay ng pagbuntong-hininga. **" That girl is an evil, 'dre. Kahapon lang ay nagulat pa siyang makita ako, tapos ngayon ay enrolled na siya? What the hell? May asawa na siya, dumidikit pa sa 'kin? All my life, 'dre, ngayon lang ako natakot sa babaeng may gusto sa 'kin. Shit!"**

"She's what?" sabay nilang tanong.

"You heared me right, she's married. That's what she told me when we were in Palawan. Why the hell is she following me, then? Is she tripping me?"

"Then she's behaving in an irrational way." Umiling din si Tob. **"There's a strong possibility that she likes you, and she's doing this**

intentionally. But kissing you is way too much, 'dre. Kailangan niyang makilala ang girlfriend mo."

"Alam ba ni Max ang tungkol d'yan?" seryosong tanong ni Lee.

Tumango ako. **"Sinabi sa kaniya lahat."**

"Good. Sa ngayon ay wala kang magagawa kung hindi ang iwasan ang babaeng 'yon."

"I have to find the best way to get rid of her. Tch. Kung kailan naman nag-e-enjoy ako sa ginagawa ko!" asik ko. Pinagsisipa ko ang semento habang nagmumura.

"Deib, calm down, 'yong puso mo," seryosong awat ni Tob.

Kumalma ako ngunit nananatiling nakabusangot. Naba-badtrip talaga ako. At sa sandaling iyon palang ay nag-iisip na ako ng posibleng dahilan para mapatalsik ko ang babaeng 'yon.

"I really have to go. Major 'yong next subject." Tinapik kami ni Tob sa balikat.

"Let's talk about this later," nagpaalam na rin si Lee.

"I'll call you. Thanks," kaway ko.

Kunot-noo kong tinanaw ang hallway na nilakaran ni Eerah Anitha. Kakaibang kaba ang idinudulot niya sa sistema ko. At kahit pa alam ni Taguro ang lahat, pakiramdam ko ay nagkakasala ako.

Badtrip! **"Kailangang malaman ni Taguro 'to mamaya,"** napapabuntong-hiningang bulong ko saka tumuloy sa classroom.

Agad naupo sa sariling armchair at nangalumbaba. Pakiramdam ko ay may kung anong nakabara sa utak at lalamunan ko. Gusto kong mahiga at matulog para sandaling makalimot sa kung anong nangyayari ngayon.

Bakit ako kinakabahan? Wala naman akong ginagawang masama. Alam naman ni Taguro ang lahat ng ginawa niya sa 'kin, maliban sa ngayon. Pero ipapaalam ko rin! Wala akong planong maglihim sa kaniya. Tch. Hindi ko kayang mawala si Taguro. Mamamatay yata ako kapag nangyari 'yon, masiyado ko siyang mahal. Lalo akong bumusangot. *E, bakit ba iyon ang iniisip ko? Tch!*

"Penny for your thoughts?"

Nanlaki ang paningin ko. Hindi pa man ako nag-aangat ng tingin ay alam ko na kung kaninong tinig iyon. **"Ikaw na naman?"** halos pasigaw na tanong ko. **"'Wag mo sabihing kaklase rin kita?"**

"Exactly!" malandi siyang tumawa. Gusto ko na agad magwala. **"Of course, mag-e-enroll na rin lang ako, kukunin ko na 'yong same course**

and section mo. I'm a genius, you know?"

"Fuck you," mahina ngunit mariing sabi ko.

Natigilan siya at unti-unting nawala ang nakakalokong ngiti sa kaniyang mukha. Sumeryoso at halatang hindi nagustuhan ang sinabi ko.

"Why do you have to be so mean?" seryosong tanong niya.

"Kung sa 'yo ko itanong 'yan? Sinabi ko na sa 'yong may girlfriend na ako."

"I'm not doing anything to you."

"Really?" may babala sa tonong tugon ko. Natigilan siya. **"I talked to you in a very decent way, but did you do to me? Sa hotel kung nasaan kami ng girlfriend ko, binastos mo ako, kababae mong tao."**

"Hey."

"You're fucking disgusting."

"Hey!" saway niya uli pero hindi nagbago ang tingin ko sa kaniya. **"Stand up, let's talk outside,"** utos niya, nagpaumunang tumayo at maglakad. Pero hindi ako kumilos. **"Hello? I'm asking you."**

"I am not interested in you in any way. I'm warning you, back off," mahina ngunit mariin kong sinabi. I bet she must have some self-esteem issues. I tried to talk gently. I don't mean to be rude and harsh. I didn't plan to give her reasons she can argue with. I don't want her to feel bad of herself. And I wouldn't suggest friendship that I don't need. But this girl is fucking testing my patience.

"Ano ba? Can you tone down your voice? You don't have to shout, ang daming tao dito! Christ!"

"Get off my face."

"Look, I want to talk to you, okay?"

"No. Talk to yourself. Convince yourself to stop flirting around someone who's in a serious relationship. Kung nagagawa mong lokohin ang asawa mo, ako hindi. Hindi ko kayang lokohin ang girlfriend ko," dinuro ko siya.

Natigilan siya. **"You know nothing."**

"What makes you think like you know a thing? You know my name, I'm sure you know something about me. Isa ang pamilya ko sa may-ari ng school na pinasukan mo." Bahagya siyang natigilan. **"Kaya kitang patalsikin dito at ibalik nang doble o triple pa ang perang ibinayad mo, mawala ka lang sa paningin ko."**

"Do you really have to be this mean?"

"Kung 'yun ang makapapagpahinto sa 'yo, oo."

"Ha!" anas niya. **"Ngayon lang may tumanggi sa 'kin, alam mo ba 'yon?"** mataray na tanong niya.

"Nakapandidiri at nakapangingilabot ang landi mo."

"You're funny," asik niya. **"Kalalaki mong tao pero ang terms na ginagamit mo ay pangbading. Are you gay?"**

"Get out of my sight."

"So, you're gay?"

"I said, get out of my sight," tiim-bagang na pag-uulit ko.

Natinag siya. **"I'm sorry, but that is my chair,"** mataray niyang itinuro ang silyang nasa harapan ko.

Naupo siya dahilan upang lalo akong nanlumo. Plano kong lumabas na lang sana ngunit biglang dumating ang propesor. Tuloy ay wala akong nagawa kundi ang maupo na rin.

Hindi ko inaasahang si Sir Caballero ang professor. Akala ko ay sa medisina lang ito nagtuturo. Nanlumo rin ako matapos malaman na General Chemistry ang subject. Agad na nagsimula ang unang klase. 'Ayun na naman 'yong pamilyar na pakiramdam na hindi ko maituon sa klase ang atensyon ko. Ang babaeng nasa harapan ko ay pinakukulo ang aking dugo.

Lalo pa akong nainis nang bigla akong lingunin ni Eerah Anitha at ngisihan. **"What?"** asik ko.

"Ang gwapo mo, grabe," seryoso siya ngunit sadyang napakalandi ng tono.

"Tch. 'Wag kang tumingin sa 'kin. Ang pangit mo."

"Ugh! Excuse me? "

"What's your problem there?" nangibabaw ang tinig ni Mr. Caballero.

Pareho kaming natinag ni Eerah. **"Nothing, Sir,"** malanding tugon niya.

Napabuntong-hininga na lang ako. Hindi malaman kung bakit pakiramdam ko ay nawawalan ako ng pag-asa. Nawawalan ako ng gana. Nagbagong bigla ang excitement ko sa pag-aaral. Lahat nang iyon ay dahil kay Eerah Anitha.

Babe, I need you now...

Gusto kong puntahan si Taguro at yakapin. Pakiramdam ko ay siya lang ang makakabura ng kakaibang galit na nararamdaman ko ngayon. Gusto kong ilabas ang galit ko pero wala akong makitang paraan. Gusto kong lumabas dito at magpunta sa kung saan. Pakiramdam ko ay nawawasak na

agad ang buhay ko, pumapangit ang takbo at tanging si Taguro na lang ang nakikita kong pag-asa para makaahon ako.

Nagsimulang magklase si Mr. Caballero. Syempre, dahil may kinalaman na naman sa Science ito ay hirap na hirap na naman ang utak ko. Pero pinipilit ko talaga. Ayaw kong magkaroon ng problema. Isa sa mga ipinangako ko sa sarili ko ay ang mag-focus kahit pa hindi ako interesado sa isang subject. At bukod doon ay hindi na ako makikipag-away o mambu-bully.

Except for this bitch, damn it.

"Where is Mr. Enrile?" Matapos kong magulat ay napatingin ako sa harapan.

"Sir?" natutuliro akong tumayo.

"What is the fourth most abundant element in the universe in terms of mass?"

Damn it! Damn it! Damn it! I knew he's going to ask something! Ang sabi ko ay magpo-focus ako pero ngayon palang ay limot ko nang mag-advance reading!

Kinilabutan ako sa tanong, sunod-sunod na napalunok. At bawat patak ng segundo ay nadaragdagan ang hiya na nararamdaman ko. Nakatayo lang ako at nakatingin kay Mr. Caballero. Na noon ay tiningnan pa muna ang index cards na hawak niya bago muling tumingin sa 'kin.

Binigyan niya ako ng mapagpasensyang tingin. **"What, Mr. Enrile?"** ngumiti ang propesor. **"What is the fourth most abundant element in the universe in terms of mass?"**

Pakiramdam ko ay dinidikdik ang dibdib ko. Wala akong makapang sagot.

"Sir!" nagtaas ng kamay si Eerah Anitha dahilan upang kabahan ako lalo. Nagtataka siyang nilingon ng propesor. **"I guess he's not feeling okay, I hope you won't mind if I answer your question?"**

What? Gusto kong singhalan si Eerah Anitha.

"Okay?" napapailing na anang propesor.

"Carbon."

"Sit down." Nilingon ako ng propesor. **"Do you have to go to the clinic, Mr. Enrile?"**

"No, sir, thank you." Napapahiya akong naupo.

Nakahinga ako nang maluwang bagaman nandoon pa rin ang asar ko kay Eerah Anitha. Kapansin-pansin ang pagiging aktibo niya sa klase. Kahanga-

hangang nasasabayan niya ang karamihan ng sinasabi ni Mr. Caballero habang nagtuturo.

Hindi maitatangging nakakabilib ang angkin niyang talino. Simula pa lang ng klase ay ipinakita niya na iyon. Dahilan upang mapansin siya ng karamihan, lalo na ng mga propesor.

Napapabuntong-hininga ko namang tinimbang ang sitwasyon ko sa klase.

Magpapaturo na lang ako kay Taguro sa General Chemistry. Sana ay may oras siya. Ngayon nga pala ang unang practice niya. Pwede ko siyang hintayin mamaya habang nakikipag-usap ako kina Lee at Tob.

Natawagan ko lang si Taguro nang matapos ang klase. Bagaman tutok ako sa klase ay hindi nawawala sa isip kong ibalita sa kaniya ang presensya ni Eerah Anitha. Nakakapanlumo nga lang dahil mahaba ang vacant time ko at wala akong makakasamang tumambay.

"Oh?" sagot niya. Pakiramdam ko ay gumaan agad ang pakiramdam ko.

"I need you, babe."

"Ano'ng problema?" sa tono niya ay batid kong nakakunot na ang kaniyang noo, nag-aalala.

"Eerah Anitha is here," balita ko. Natahimik siya sa kabilang linya. **"We're in the same class."**

"What?" hindi makapaniwala niyang asik.

Nanlumo ako. **"Nawawalan ako ng ganang mag-aral, babe. I don't want her here."**

"Don't say that, babe. 'Wag kang magpaapekto sa kaniya. Tss."

Inis kong ikinuwento ang mga sinabi ni Eerah Anitha sa amin kanina. **"You're not gonna get mad at me, aren't you, babe?"**

"Of course not." Bumuntong-hininga siya, nakakakaba. **"Thanks for trusting me. Don't worry, I understand you."**

"I love you so much, babe."

"I know."

"Tch. Alam kong alam mo, pero sinasagot 'yon, Taguro."

Natawa siya, mas gumaan ang pakiramdam ko. **"Are you done with your class? Nag-excuse lang ako para sagutin ang tawag mo."**

"Tatambay na muna siguro ako sa coffee shop. Makinig kang mabuti diyan, babe. 'Wag kang lumingon sa katabi mo, okay? I love you."

"I love you. Bye."

Napangiti ako sa screen ng cellphone. *Lalo yata kitang minamahal, Taguro. Napaka-understanding ng girlfriend ko. Dapat tularan. Hehehe!*

Masarap sa pakiramdam iyong naiintindihan ako ni Taguro. Kung iba kasi iyon ay baka nagalit na, nagselos at inaway ang boyfriend nila. Pero iba siya. Nakakataba ng puso ang tiwala niya.

Kay Eerah Anitha mismo ako natatakot. Pakiramdam ko ay isa siyang lason. Hindi kapani-paniwala iyon lakas niya ng loob na kumilos at magsalita.

Bago makarating sa parking lot ay nakatanggap ako ng tawag mula kay Mokz. **"Hello?"** sagot ko.

"Ha! Ha! Ha!" 'Ayun na naman iyong malakas at putol-putol niyang tawa. **"How are you, young man?"**

Tch.

Nang mga panahong tinuturuan niya ako ng basic martial arts, tama man o mali ang ginagawa ko ay wala siyang ginawa kundi ang tumawa. Kahit wala namang nakakatawa.

"I'm fine, Mokz," nakangiting tugon ko. Komportable na akong tawagin siyang ganoon. Ayaw niya raw nang kinakausap siya nang may galang. Dahil bukod sa hindi siya nasanay, dahil malamang sa kaniyang mga apo, ay ayaw niyang maramdaman ang edad niya. **"Napatawag kayo?"**

"Nasa akin na ang certificate mo, hijo."

"Certificate?"

"Oo. Lahat nang nagtatapos ng basic martial arts sa akin ay nakatatanggap ng certificate, hijo. Ha! Ha! Ha!"

"That's great," masaya kong tugon.

"Kailan ang punta mo? May ibibigay rin akong munting regalo sa iyo."

Kunot-noo akong napangiti. **"I should be the one giving you a gift, Mokz."**

"Ginusto ko ang turuan ka dahil kakailangan mo rin ito," bigla ay sumeryoso siya. Natigilan ako at napabuntong-hininga na lang.

Hindi na lang ako nagpahalata. **"I have a vacant time, I'll drop by."**

"*Arasseo*, I'll wait for you," aniya saka ibinaba ang linya.

Ang totoo, isa sa mga dahilan kung bakit ako nag-aral ng martial arts ay dahil sa epektibong panghihikayat ni Mokz. Paulit-ulit niyang sinasabi na magagamit ko raw ito. Pero hanggang ngayon ay hindi ko naman malaman kung para saan at kanino.

"Hey, wait!" Babaling na sana ako papunta sa kotse nang mangibabaw ang tinig ni Eerah Anitha.

Bad trip!

"I've been looking for you everywhere," humahangos niyang sabi.

"What do you want?" singhal ko.

"I don't know anyone here."

"So what?" asik ko saka siya nilampasan.

"Where are you going?"

Hinawi ko ang braso niya at inis na hinarap. **"Don't come near me, I already warned you,"** tiim-bagang kong sinabi.

"But, wait..."

Hindi niya naituloy ang sasabihin nang samaan ko siya ng tingin. **"Isa na lang talaga, masasaktan na kita,"** banta ko. Nagmadali akong sumakay sa kotse at pinaharurot iyon palayo. *Bitch!*

Hanggang sa marating ko ang mansyon ng mga Moon ay mainit ang ulo ko. Pero sinikap kong palisin 'yon.

Pinatuloy ako ng maid at mayamaya lang ay kaharap ko na si Mokz. Nagpakuha ito ng kape at nakangiting bumaling sa akin. **"It's nice to see you again, young man."** Pinasadahan niya ng tingin ang kabuuan ko. Nakangiti akong tumango. **"Here."** Iniabot niya ang isang brown envelope. Agad kong iyong kinuha at inilabas ang laman. **"Nakasaad diyan na pumasa ka martial arts training ko."**

"Wow." namamanghang anas ko habang binabasa ang pangalan ko. **"Salamat, Mokz,"** hindi mapawi ang ngiting baling ko sa kaniya. Na para bang gano'n kataas ang narating ko. Hindi ko alam kung bakit ba pakiramdam ko ay masarap sa pakaramdam iyong nakikitang proud siya sa akin.

"Lahat ng basic levels ay naipasa mo. Hindi lang naipasa, mahusay ka. Napakahusay," tatangu-tangong dagdag niya. **"Here's your trophy."** Napamaang ako ro'n. **"Maliit na bagay lang 'yan pero magandang i-display sa kwarto, ha ha ha!"**

"Salamat, Mokz!" galak na galak na tugon ko. Tumayo siya at nagyakap pa kami.

"Basta para sa iyo, apo," aniya. Napangiti lalo ako. Kakaibang saya ang naibigay niya sa 'kin sa kabila ng katotohanang hindi ko naman siya tunay na lolo, at lolo siya ng girlfriend ko. **"Kumusta kayo ni Maxpein?"**

Bigla ay napangiwi ako. **"Ayos naman, kaso may kaunti akong problema,"** nayayamot na namang tugon ko. Kumunot naman ang noo niya.

Ikinuwento ko kay Mokz ang buong pangyayari tungkol kay Eerah habang nagkakape kami. Hindi ko maiwasang mapailing at manlumo habang nagkukwento.

Huminga siya nang malalim ngunit nananatiling nakangiti. **"Ha ha ha! Napakaganda mo nga naman kasing lalaki, apo."** Natawa ako. **"Ang mahalaga ay alam ni Maxpein. Hindi mo na kailangang mamroblema sa tingin ko."**

"Bakit naman?"

"Mukhang ganoon kalaki ang tiwala niya sa iyo. Maganda ang pundasyon ninyo kung ganoon."

Napabuntong-hininga ako. **"Hindi man lang nga niya ako pinapalayo sa babaeng 'yon. Hayaan ko na lang daw. Tch. Nag-aalala ako na baka sinasarili niya lang ang selos, tsk."**

"Huwag kang mag-alala. Masiyadong kilala ni Maxpein ang sarili niya. Mas maganda kung makapag-uusap kayong dalawa."

"Mukhang 'yon na nga lang ang pwede kong gawin," tugon ko saka ngumiti. **"Salamat talaga, Mokz. Nag-enjoy ako."**

"Ha ha ha! Pareho tayo! Huwag mong kalilimutan ang mga itinuro ko sa iyo, magagamit mo iyan," 'Ayun na naman ang linya niyang 'yon kaya hindi ko na naitago ang interes.

"I want to know why you're always saying that, Mokz. Oo, magagamit ko nga ito. Pero iba kasi ang dating nang pagkakasabi mo."

Sandali siyang ngumiti saka bumuntong-hininga. **"Remember what happened in Palawan?"** Natigilan ako at tumango. **"Hindi malayong mangyari uli iyon."** Doon na siya sumeryoso. **"Hindi pa nakikilala kung sino ang gumawa niyon sa lolo mo."**

"How did you know?" takang tanong ko.

Sa pagkakaalam ko ay wala silang kinalaman sa mga imbestigasyon na ginagawa ng pamilya ko. May mga naririnig ako pero hindi ako kailanman nakialam dahil iyon ang ayaw na ayaw mangyari ni daddy.

Hindi agad siya sumagot. Bahagya siyang ngumiti saka umayos ng upo. **"Teritoryo ng mga Moon ang pinasok nila, hijo. Hindi naman siguro masama kung aalamin ng mga Moon kung sino sila?"**

"Kung gano'n ay may ideya na kayo kung sino sila?"nalilito ko pa ring tanong.

"Gaya ng sinabi ko ay wala pa. Pribadong tao marahil ang mga iyon. Mahusay, dahil wala silang iniwang ebidensya sa kanilang

pagkakakilanlan at dahilan ng maling pagkilos." Muli siyang bumuntong-hininga. **"Bagaman mayroon kami na kaming makukunan ng impormasyon. Hindi nga lang siguro magiging madali iyon."**

Kung gano'n ay wala talagang kinalaman si Chairman Moon? Napapraning lang talaga siguro ako. Napabuntong-hininga ako sa naisip. Aminado ako sa pagkakamaling iyon. Hindi ko namang maiwasang mapaisip nang gano'n dahil na rin sa paraan ng pagbibitiw nila ng salita. Parang parati na lang dalawa ang ibig nilang sabihin. Palibhasa'y hanggang sa sandaling iyon ay hindi ko masaulo ang kanilang ugali.

"Alam ba ni Chairman Enrile ang tungkol diyan?"

"Ayaw ng lolo mo na makialam kami," nakangiting aniya bagaman bakas sa tono niya ang pagkadismaya. **"Kaya wala na kaming balak na ipaalam pa. May karapatan kaming alamin kung sino ang mga nangahas na pasukin ang teritoryo ng mga Moon. Hindi ganoon kadali makapasok sa lugar na iyon. Kung napansin mo ay iilang turista lang ang nakakapunta. Hindi tumatanggap doon nang hihigit sa isang daang bisita sa loob ng isang linggo. Maliban na lamang kung kakilala sila ng pamilyang Moon. Limitado lamang ang tinatanggap nilang tao, iyong sigurado,"** mahabang paliwanag niya. **"That place is luxurious, Deib Lohr. Milyon ang halaga ng pananatili ng isang linggo."**

Napamaang ako. *Kung gano'n ay gumastos si Eerah Anitha para sundan ako? What the hell? She's really crazy!*

"Hindi kami naniniwalang idinaan nila sa pagpapalipad ng chopper ang pagmamatiyag sa pagdating ng lolo mo," nakangiting dagdag niya dahilan para matigil ako sa iniisip. **"Ultimong ang chopper na iyon ay kakailanganin ng pahintulot. Hindi lang ang hotel ang pag-aari ng mga Moon doon."**

Gusto kong kuwestiyunin kung pag-aari na rin ba ng Moon maging ang himpapawid para masabi niya 'yon. Hindi ko kasi maintindihan kung bakit maging ang chopper ay kailangan ng pahintulot. Ngunit nanahimik na lang ako kaysa mapahiya o madismaya siya sa tanong ko.

"Pero dumating si lolo nang araw na mangyari 'yon, Mokz. Hindi man lang siya nakapagtagal."

"Iyon nga. Minatyagan nila kung darating ang iyong lolo dahil alam nilang may mahalagang okasyon."

"That's Randall's surprise to my sister," nalilito pa ring tugon ko. **"And only Maxwell and Maxpein knows about it. Paano nila nalamang**

may okasyon?"

"Kaya nga nasabi ko na mahusay sila. Ibig sabihin ay hindi lang ang okasyon ang kanilang minatyagan." Napabuntong-hininga na lang ako upang maitago ang kaba. **"Sana ay huwag mo na munang banggitin sa iba ang napag-usapan natin."** Kumunot ang noo niya. **"Pasensya na kung hindi ko masiyadong naipaintindi sa iyo ang laman ng isip ko. Sana pala ay hindi ko na lamang binanggit pa. Baka mabigyan lamang kita ng isipin,"** nag-aalalang dagdag niya.

Umiling ako. **"Salamat sa tiwala, Mokz. Makakaasa kayong hindi ako magsasabi sa kanila."**

"Salamat, hijo. Kailangang manatiling sikreto ang usaping ito," nakangiting dagdag niya. Saka siya tumayo at naglahad ng kamay. **"Inaasahan kong magkikita pa uli tayo."**

"Oo naman." Nagtapikan kami ng balikat.

Inihatid niya ako sa gate at tinanaw hanggang sa makaalis. Pilit kong inalis sa isip ang mga sinabi niya. Aminado akong hindi malawak ang isip ko pagdating sa ganoong magulo, delikadong bagay at pangyayari. Malayo iyon sa gulo na nakasanayan ko dulot ng pambu-bully.

Itinuon ko ang pansin sa maliit na trophy na ibinigay ni Mokz. Natutuwa ako. Hindi naman sa unang beses kong makatanggap ng trophy. Ang totoo ay maraming beses na 'kong nag-uwi ng trophy para sa basketball team. Pero ngayon lang ako nakatanggap nang dahil sa martial arts.

Matutulungan ko na siguro si Taguro na lumaban kung kinakailangan. Hindi ko hinihiling na may masamang mangyari. Pero may kung ano sa akin na excited magamit ang natutunan ko.

Nakakasawang magmukhang inutil sa t'wing mapapasok kami sa gulo. Puro si Taguro na lang ang kumikilos habang ako ay nakatanga na lang. Isinapuso ko ang pag-eensayo ng martial arts kaya naman malaki ang tiwala ko sa sarili kong natuto ako. Napakagaling magturo ni Mokz. Hindi lang kilos at galaw ang itinuro niya sa 'kin, ang karamihan ay may kinalaman din sa emosyon, isip at pakiramdam.

MAX'S POV

WORLD HISTORY class with Chupan the great.**"Oh!"** bulalas agad nito. **"Handa na ba kayo?"** nakangising tanong niya habang nakapamewang.

Nagsipagtunguhan ang mga estudyante at isa-isang naglabas ng mga papel at ballpens.

Humalakhak si Chupan. **"Paniguradong magpapataasan na naman ng bilang ng kayabangan sina Marchessa at del Valle!"** pagpaparinig nito dahilan para sulyapan ko siya. Pasiring niyang inalis ang paningin sa 'kin at nilingon si Lovemir. **"O, ikaw? Ang ganda ng coat mo, ah? Wala pa mang ulan, handang handa ka na?"** Siya lang ang tumawa sa biro niya. Para namang walang narinig si Lovemir. **"100 items!"**

Anak ng... **"Bilib din naman talaga ako sa lecturer na 'to,"** bulong ko kay Naih. **"Siya lang yata ang kilala kong kayang magsaulo ng isandaang tanong o higit pa."**

Totoo iyon. Sa ilang taon na pag-aaral ko siya lang ang kilala kong titser na may kakayahang idikta ang lahat ng laman ng isip, walang hawak na binabasa. Lahat ay saulo niya.

Magaling talaga siya, hambog nga lang.

"Number one!" sigaw nito. Nangibabaw ang nakakabinging katahimikan.

Nagsimula siyang magdikta ng mga tanong, nagsimula rin na mangulelat ang karamihan, kasama na ako. Hindi ako masiyadong nakapaghanda sa bagay na ito. Lalo pa at halu-halong bansa na ang binabanggit niya at hindi lang sa Asia.

Gaya ng ugali niya, nang matapos ay saka niya pa lang siya nag-discuss tungkol sa nilalaman ng quiz. Tuloy ay nakapanlulumong makinig. Nalalaman ko ang mga maling isinagot ko. Ginaganahan lang ako sa t'wing may tumatama sa aking hula.

"Del Valle," mayamaya ay pagtawag niya. Hindi talaga siya makatagal nang hindi nang-aasar. **"Kapatid mo rin ba 'yong del Valle na nandoon sa third year ngayon?"** kunot-noong dagdag niya.

Bumuntong-hininga ako. **"Yes, sir."**

Gumuhit ang nakakalokong ngisi niya. **"Aba, akalain mo nga naman, ano? Kaya pala gwapo ka rin dahil gwapo ang mga kapatid mo."** Nagbulungan ang mga kaklase ko. **"Hambog din. Nagta-Tagalog ba iyon?"**

"Yes, sir."

"Bakit panay ang Ingles?"

Ako naman ang ngumisi. **"Nahihirapan ka na bang kausapin, sir?"**

Humalakhak lang siya. **"Panay ang bulong niyon, wala tuloy makaintindi sa sinasabi niya,"** asik niya. Nagtawanan ang ilang kaklase ko. **"Aba'y gusto ko nang ibagsak na lang dahil masyadong maarte.**

Ipinai-Ingles pa sa akin ang mga hindi niya naiintindihan. Pero kung huntahan, tingnan mo, intinding-intindi!"

"Parte naman ng pagiging titser ninyo 'yon, sir, ang ipaintindi sa estudyante ang hindi nila maintindihan."

"Bakit nga ba nakipag-usap pa ako sa iyo?"nakangising asik niya. **"Hindi bale, may naman na ako para ibagsak ang kapatid mo. Masyado kasing pilosopo."**Nangunot ang noo ko. **"Nang tanungin ko kung anong bansa ang huling nag-surrender noong World War 2, aba'y, sagutin ba naman akong wala raw siya ro'n sa pangyayari kaya hindi niya alam? Ingles pa! Nakahusay!"**

"Hindi niya nasagot?" taas-kilay na tanong ko.

Ngumisi naman siya. **"Kasasabi ko lang, bingi kang talaga,"** singhal niya. **"Oo, hindi nasagot ng kapatid mo kaya huwag mo akong yabangan."**

Sino naman ang nagyayabang? Tss. Sinamaan siya ng tingin. *Hindi niya nasagot? Lagot ka sa 'king bata ka.* **"Baka hindi lang naintindihan ang tanong ninyo."**

"Ingles ang tanong ko, del Valle!"

"Baka kailangang Korean, 'te?" biro ni Migz. Naitikom niya ang bibig nang sulyapan siya ni Chupan.

"Aba, nito ko lamang nalaman na may lahi pala kayong Koryano. Kaya pala bigay na bigay ka nang sumasagot sa akin tungkol sa Korea? Akalain mong katanggap-tanggap pala sa korea ang hitsura mo noon, ano? Mataba ka noon, hindi ba? Ang alam ko ay ayaw nila sa matataba!" Panay na naman ang paghalakhak niya. **"Kaya ikaw Agripa, 'wag kang pupunta ro'n! Bawal ka ro'n!"** Unti-unting gumuhit ang asim sa mukha ni Chupan. **"Pagsabihan mo iyang kapatid mo, del Valle, ayaw ko nang kumakain sa loob ng klase ko!"**

Lalong nangunot ang noo ko. Napakaisip-bata ni Maxrill at mahirap patinuin. At sa ugali niya, kung nakikita niyang naaasar si Chupan sa kaniya ay lalo niya lang itong aasarin. Magrerebelde ito panigurado kapag sinita pagdating sa pagkain.

"Yes, sir," napapahiya kong sabi.

"Siguraduhin mo. Aba, eh, namimigay pa ng pastilyas habang nagkaklase ako! Ano ba namang klaseng estudyante iyan?" bulalas niya. Halos mapayuko ako sa pagkapahiya. **"Aniya pa'y noon lang daw siya nakatikim ng pastilyas! *Dios mio*!"**

Noon ko lang ginustong matawa dahil alam kong susuko siya sa sobrang kakulitan ni Maxrill. Hindi uubra ang pasigaw-sigaw ro'n basta pagkain ang hawak. May sariling mundo si Maxrill, at umiikot at nagkakakulay lang iyon sa t'wing ngumunguya siya.

Nasulyapan ko pa si Naih dahil sa malakas na pagbungisngis. Kilala niya rin si Maxrill sa ganoong ugali. **"Kapag gano'n, sir, takutin ninyo na lang na isusumbong kay Maxpein,"** suhestiyon ni Naih.

"Magandang ideya 'yan, Marchessa," ngumisi si Chupan. **"Pero hindi ko tipo ang magsumbong pa sa hambog mong kaibigan. Ako mismo ay kayang patinuin ang isang 'yon,"** taas-noo niyang siniguro. **"Siya, sige! Anong bansa ang huling nag-surrender noong World Ward 2? Idinaraan ninyo 'ko sa kwento!"** Sabay-sabay kaming napayuko. **"O, Limaco?"**

Nilingon ng lahat si Lovemir. Nakapamulsa itong tumayo. **"Japan."**

Hinalakhakan siya ni Chupan. **"At paano mo naman nasabing Japan?"** sarkastiko pang aniya.

"Hitler had committed suicide and Germany had surrendered two years after Italy surrendered. The war with Japan went on when Truman dropped an atomic bomb."

"Excellent!" bulalas ni Chupan. **"Ituro mo iyan diyan sa katabi mo nang maturuan niya nang ayos ang kapatid niya!"** itinuro niya ako. **"Bukas ang kauna-unahang graded recitation. Dahil palpak ang karamihan sa inyo, hindi ninyo babasahin ang syllabus! Maglalaro sa Chapter one and two ang mga tanong ko! Magbasa! Dismiss!"**

"Grabe," tatawa-tawang tumayo at nag-stretching si Naih. **"Turuan mo kasi nang ayos si Maxrill. Anak ng tokwa, pati tayo nadadamay, eh!"**

Inis akong bumuntong-hininga at tinawagan si Maxrill. **"Maxrill, where are you?"**

"Inside the class," inosenteng tugon niya.

"What?"

"And everybody's looking at me right now, *Noona*. *Waeyo*?" tanong niya kung bakit.

"Tsk." Awtomatiko kong ibinaba ang linya. **"Sira-ulo talaga."**

Kunot-noo akong nag-isip. Natagpuan ko na lang ang sariling umaakyat sa floor nina Maxrill. Palihim ko itong pinanood sa klase. At hindi nga nagbibiro si Chupan. 'Ayun ang kapatid ko, panay ang nguya at pagnguso sa lecturer habang nagsusulat.

Hinintay kong matapos ang kanilang klase. Pumasok ako nang makalabas ang lecturer. **"Maxrill,"** kunot-noong pagtawag ko.

"*Noona*!" nakangiti siyang kumaway at tumakbo palapit sa akin, parang bata.

"Bakit hindi ka nag-aaral nang mabuti?" angil ko. **"What?"** Agad sumama ang mukha niya. **"Nasaan ang bodyguard at yaya mo?"**

Palibhasa'y hindi lumaki sa Laguna, hindi makaalis nang mag-isa si Maxrill. Hatid-sundo na nga ay may kasama pa maya't maya. Daig pa nito ang primary student.

Pinagkunutan ko ng noo si Maxrill. **"Kailangan mong mag-aral nang mabuti, naiintindihan mo? Lahat ng tanong ni Mr. Ciufan ay kailangang masagot mo."**

"*Arasseo*!" nagmamaktol na pagsang-ayon niya. **"I'm tired and I want to sleep,"** aniya saka padabog na inayos ang bag at mga bitbit.

"Nagpumilit ka na dito ka mag-aaral kaya magtiis ka."

"*Arasseo*."

Buntong-hininga akong umiling saka siya pinagmasdan. Inayos ko ang kaniyang buhok. Daig niya pa ang nagtatrabaho, mukha siyang stressed. Nasisiguro kong nahihirapan siyang mag-adjust. Paniguradong hindi niya talaga naiintindihan ang ilan sa mga pinag-aaralan. Posibleng dahilan iyon kaya hindi gano'n katutok ang atensyon niya.

Inayos ko ang kaniyang buhok. Daig niya paKinuha ang ilang bitbit at bag niya.

"Umuwi ka na agad, okay?" nakangiting sabi ko.

Awtomatiko siyang ngumiti at humalik sa pisngi ko. **"*Arasseo*! I'll see you tomorrow, *Noona*."** Kumaway uli siya.

Nakangiti akong tumango at pinisil ang kaniyang pisngi. **"Sabay tayong magla-lunch bukas."** Nagliwanag ang mukha niya. Binalingan ko naman ang yaya at bodyguard niya. **"You may go home. Kapag nagyayang gumala si Maxrill ay itawag ninyo sa akin o kay Maxwell."**

Dumeretso ako sa quadrangle matapos silang ihatid ng tingin. May announcements si Migz. At marami nang estudyante nang makalapit ako.

"Good afternoon, everyone!" panimulang bati niya. 'Ayun na naman iyong tatak niyang ngiti at nakapamaywang na tindig. **"Welcome to BIS, new students! Hindi kayo nagkamali ng piniling school!"** Pumalakpak siya. **"Sandaling announcements lang ba ito? Yes, 'no? Yes! Nagsimula na naman ang panibagong taon, at huling taon ko na ba ito? Yes, 'no?**

Yes! Sino kaya ang papalit sa posisyon ko?" Bigla ay natawa siya. **"Hindi ako makapamili dahil ang daming karapat-dapat na pumalit na myembro rin ng council. Anyway, since simula na naman ng pasukan, nandiyan na naman ang ating acquaintance party!"**

Pasigaw na sumagot ang mga lumang estudyante, puno ng pananabik. Nangibabaw naman ang maugong na bulungan ng mga transferees.

Lumapit ako nang mamataan ang mga kaibigan ko. Panay ang biruan nila at palihim na pinagti-trip-an si Migz. Sa halip na makisali ay humihikab akong nag-text kay Sensui.

Compose Message

To: Sensui

Babe, may practice ako ng sayaw. I'll see you later. ♥

Message Sent!

One Message Received

From: Sensui

Alright, babe. I'm with Tobi and Lee right now. Nandito lang kami sa coffee shop. Tell me if you need me there. I love you.

05:15PM

Compose Message

To: Sensui

Hindi na. Susunod ako diyan kapag natapos kami.

Message Sent!

One Message Received

From: Sensui

Wala man lang ba akong I love you too? I have something important to tell you. Pero mas importante pa rin ang nararamdaman ko sa 'yo. I'm excited to see you. 'Wag mo 'kong ipagpapalit diyan. J

Compose Message

To: Sensui

Okay. ♥

Message Sent!

Napapangiti kong ibinulsa ang cellphone. Nasisiguro kong nakanguso na iyon habang binabasa ang huling text message ko. Palibhasa'y hindi niya mababasa ro'n ang gustong mabasa.

Mahal kita, Deib Lohr. At kahit hindi ko 'yon sabihin ay paniguradong nararamdaman mo naman. Tss.

"Yes, 'no? Yes!" Muli kong itinuon kay Migz ang atensyon. **"Ang acquaintance party ba ay para magkakila-kilala ang karamihan sa atin, at ang party para sa malalanding gaya ko? Yes, 'no? Yes! Sa akin ang pinakamalaking pabor d'yan dahil nakakasama ko ba sa stage ang special guests? Yes!"** biro niya pa. Nagtawanan naman ang karamihan.

"Excited na ako para sa magiging special guest natin. Paniguradong mabango na naman siya at masisinghot ko hanggang sa matapos ang party. Yes! Gaganapin ang party sa ikalawang Sabado. Malapit na iyan! Syempre, kailangan ay maganda, gwapo at mabango kayo sa inyong formal attire! Hindi kayo dapat na magsisi dahil wala nang mas sasaya pa d'yan!"

"Wow! Bida ka na naman sa gabing 'yan, 'te!" biro pa sa 'kin ni BJ. Nginitian ko lang siya.

"Hindi ako masiyadong nae-excite," nakangusong ani Michiko. Nilingon namin siya. **"Sana ay makasama sa 'kin si Tob. May pasok kasi sila kahit Sabado."**

"Gabi naman ang party. At Sunday kinabukasan kaya okay lang ma-late ng uwi," suhestiyon ni Naih. Napangiti naman si Michiko at parang nagkaroon ng pag-asa. **"Naku, sino kaya ang mapipiling Face of the Night ngayon?"**

"Baka ikaw, 'te?" biro ni Migz na inilagay ang palad sa ilalim ng mukha ni BJ. Hindi namin namalayang nakalapit na ito. **"Tutal, wala ka naman daw last party, maaawa na kami sa 'yo at ipagpipilitang ikaw na lang ang Face of the Night. Tapos ang award mo raw ay palaka. *Echos*!"**

"*Jijiera* ka, tumaba ka sana lalo para chaka ka sa party!" pang-aasar naman ni BJ. Nagtatawanan sila hanggang sa makarating kami sa social hall. Sinalubong agad ako ni Aenna at Jozh.

"Ikaw pa rin ang leader, Aenna? Hindi na naka-move on?" biro ni Migz.

"Of course! Five years ang contract ko bilang dance troupe leader," nakataas ang kilay, mataray na tugon ni Aenna. **"Kung hindi lang graduating ngayon si Max ay sa kaniya ko sana ipapasa ang korona. Kaso magtatapos na rin ito ngayong taon."**

"Next year ang graduation namin, 'te, 'wag kang advance," biro ni BJ.

Tumuloy kami sa social hall. Nandoon na ang halos lahat ng members. Nagpaalam ang mga kaibigan ko sa lahat matapos akong ihatid.

"Anyway, we have a new member!" nakangiting anunsyo ni Aenna.

Sinulyapan ko lang siya. Pipihitin ko na sana ang doorknob ng dressing room nang bumukas iyon nang kusa.

"'Ayan, siya ang bago nating member."

Nag-angat ako ng tingin, at nasa harap ko na si Lovemir. Nagtama ang paningin namin at parehong hindi kakikitaan ng emosyon ang mukha. Agad akong lumihis ng tingin at umiwas sa harapan niya.

"Max, bilisan mong magbihis para maipakilala ko siya bago tayo magsimula," dagdag pa ni Aenna. Tinanguan ko lang siya.

Kunot-noo akong napaisip habang nagpapalit ng damit. T'wing summer ang audition sa BIS dance troupe at band. Sina Aenna, Jozh at Johara ang nandoon para pumili ng papasa. Kaming mga members ay hindi na kailangan sa audition. Hindi ko inaasahang makikita dito si Lovemir. Dahil wala sa hitsura niyang sasali siya sa ganitong klase ng club.

Tuloy ay napaisip ako kung sumali rin ba ito upang mabawasan ang binabayarang tuition fee. Pero sa kabilang banda ay naisip ko ring hindi halata sa mga damit at gamit nito na kailangan nitong magtipid sa matrikula. Sa huli ko lang naisip na baka hilig niya ang pagsasayaw.

Nang matapos ay tumabi ako sa mga members na nakaupo sa sahig. Nanatiling nakatayo sina Aenna at Lovemir, mukhang ipakikilala na ang huli.

Hindi ko naiwasang pag-aralan ang kabuuan ni Lovemir. Mukhang mahiyain ito. Nakapamulsa at tutok ang paningin sa sahig. Bagaman, mukhang tutok din sa lider ang pandinig.

"Guys, I want you to meet Lovemir Limaco," panimula ni Aenna. **"He's also a member of BIS band. Malaki ang magiging participation niya sa acquaintance party."** Bakas sa tinig ni Aenna ang paghanga dito.

Isa-isa niyang ipinakilala ang mga members matapos no'n. Doon ay napansin kong wala ni isang tinapunan ng tingin si Lovemir maliban sa akin. At palihim na tumaas ang kilay ko nang piliin niyang maupo sa tabi ko.

"Anyway," pinagsalikop ni Aenna ang mga kamay habang naglalakad sa harapan. **"May naisip kaming bagong konsepto nina Jozh at Johara. Sa tingin namin ay magiging maganda ito. Gusto naming magkaroon ng**

contemporary dance piece ang isang pares sa darating na party. Para maiba naman."

Nagkatinginan ang karamihan, sa tingin ko ay kami lang ni Lovemir ang hindi nag-alis ng paningin sa unahan. Nangibabaw ang excitement sa bulungan ng mga members.

"Yes. For example, me and Lovemir," tango ni Aenna. **"We'll pick a song that's intimate but not vulgar, something that will heighten the ambiance of the party."**

"That's a good idea!" sang-ayon ng isang member. At sunod-sunod nang nagsipagtanguhan ang lahat, maliban na naman sa amin ni Lovemir.

Maganda nga ang ideya na 'yon. Mukhang ngayon lang sila lilihis sa nakasanayan na t'wing acquaintance party. Pero may kung ano sa akin na nagsasabing isa ako sa mapipili. Tuloy ay nabalisa ako at pilit na nag-iwas ng tingin.

"But of course," patuloy ni Aenna. **"We need to make sure na magki-click sa audience ang intimacy between the pair."** Muling nakasing-ayon ang karamihan. **"Would that be fine with you, Lovemir?"**

Mukhang hindi inaasahan ng katabi ko ang tanong ni Aenna. **"You're choosing me?"**

Pinamulahan ng mukha si Aenna saka tumango. **"You're the newest member,"** kibit-balikat niya. **"I think it's the most exciting way of introducing yourself."**

"Okay," pabuntong-hininga iyong isinagot ni Lovemir.

"Nice!" Noon pa lang ay excited na si Aenna. **"And your partner would be Maxpein."**

Awtomatikong tumaas ang kilay ko. *Seriously? Damn it, Aenna.*

"That would be perfect!" ani Johara. **"Sana pumayag ka, Max,"** puno ng pag-asa ang tinig niya. Maging ang paningin ng mga kasamahan ko na napako sa 'kin ay nag-uumapaw sa pag-asa.

Nakamot ko ang sentido sa halip na sumagot. Gusto kong tumanggi pero ayaw kong mapahiya sa hindi malamang dahilan.

Inis kong nilingon si Lovemir nang maramdaman ang paningin nito sa 'kin. *What are you looking at? Tss.*

"What do you think, Max?" nakangiting ani Aenna.

Muli akong napabuntong-hininga. **"Fine,"** tipid kong sagot. At halos mapatalon sila sa tuwa.

"Yes," suntok ni Aenna. **"Don't worry, hindi kayo mabibigo."** Ngumisi siya nang may pagmamalaki. **"Hindi pa ninyo nakita kung paanong sumayaw ang bawat isa but I'm sure you'll be a perfect pair."** Tumaas-taas ang kilay niya habang nakangiti. **"I'm confident that I chose you two. You will create an intimacy that will shock everybody."**

Damn that word. Napabuntong-hininga ako. *Hindi magugustuhan ni Sensui 'to. 'Yon nga lang makasabay ko si Lovemir ay nakamamatay na ang tulis ng nguso niya. 'Yon pa kayang may intimacy? Paniguradong magwawala ang mga puso niya.* Napailing na lang ako.

"Everything is well prepared," patuloy ni Aenna. **"Bukas na bukas ay dadalhin ko ang copy ng contemporary videos. We need to finish this piece as soon as possible."** Tiwala ako sa plano niya. Magaling bumuo ng steps si Aenna, hindi paulit-ulit. Mahirap pero kakaiba at nakakabilib.

Matapos ang meeting ay nagsimula kaming mag-practice. Bagaman bago ay hindi nahirapan sumabay si Lovemir. Hindi ko naiwasang tingnan siya dahil nasa iisang gawi lang kami at parehong nasa unahan. Kailangan ko nga lang mag-ingat dahil sa isang maling galaw ay magtatama sa salamin ang paningin naming dalawa.

Gaya nang inaasahan ay panay ang papuri nila kay Lovemir nang matapos ang practice. Hindi ko sila masisisi dahil magaling nga ito. Swabe kung kumilos at mabilis kumuha ng steps. Mukhang hindi na siya bago sa pagsasayaw.

Dali-dali kong inayos ang gamit ko at nagpaalam sa lahat.

Compose Message

To: Sensui

I'm done with my practice, babe. I'm on my way there. ♥

Message Sent!

Sa paglalakad ay naramdaman ko ang paningin ng nasa likuran ko. Wala pa man ay parang nakikilala ko na kung sino ito. Si Lovemir.

At hindi nga ako nagkamali. **"See you tomorrow,"** aniya nang lingunin ko. Sa halip na sumagot ay tinanguan ko lang siya.

Tinanaw ko ang coffee shop bago naglakad papunta ro'n. Hindi pa man nakakapasok ay natanawan ko na ang tatlong magkakaibigan. Agad na nangunot ang noo ko nang maaninag ang tila komosyon sa pagitan ni Sensui at isang babae. Hawak niya ito sa kwelyo at sinisinghalan.

Napailing ako. *Ungentleman.* Pumasok ako at kahanga-hanga ang mga naging galaw ko.

"I already warned you to stay away from me, you didn't listen!" asik ni Sensui. **"What do you want from me?"**

Mula sa entrada ng coffee shop ay ramdam ko ang galit niya. Palibhasa'y pare-parehong tensyonado sa komosyan, walang nakaramdam sa presensya ko.

"I don't know you, and I'm not interested in knowing you," gigil na patuloy ni Sensui. **"May girlfriend ako kaya lubayan mo 'ko."**

Wow, honesty is the best policy.

Nakakalokong humalakhak ang babae. **"I told you, I like you!"** Sinabi niya iyon na para bang baliw na baliw sa boyfriend ko. Doon tumaas aking kilay ngunit hindi natinag sa kinatatayuan.

And you're doing this because you like my boyfriend? Hmm.

"Miss, we're asking you in a nice way," mahinahong pakiusap ni Lee. **"Huwag mong guluhin ang kaibigan namin."** Ang kamay niya ay pumipigil sa braso ni Sensui. Si Tob naman ay nakaharang sa gawi ng babae. **"He's taken, please have the respect to back off."**

"Look, it's not my fault that I'm feeling this way towards him, okay?" anang babae. Muling tumaas ang kilay ko. **"The first time you laid your eyes on me, I felt the connection between us,"** sinabi niya iyon nang ang mga mata ay tutok kay Sensui, puno ng emosyon. **"Nagustuhan agad kita."**

"What the fuck are you saying?" asik ni Sensui, nanggigigil sa galit. **"Connection your ugly face!"** Wala na siyang respeto rito. **"May asawa ka na, hindi ba?"**

"Magugustuhan mo ba ako kung wala?"

"Ulul!" angil ni Sensui. Agad siyang pinigilan ng mga kaibigan nang akma niyang sunggaban ang babae.

"Then stop asking, baby," nakakaloko nga ang landi ng babaeng ito. Hindi ko masisisi ang galit ni Sensui. Ayaw niya sa lahat ay 'yong ganitong uri ng babae.

"Kung gano'n ay sinundan mo talaga kami sa Palawan? Hindi ka ba nahihiya sa asawa mo? You're fucking disgusting, bitch!"

"Watch your words! I'm a lady, you know?"

"I don't care."

"And correction, ikaw lang ang sinundan ko sa Palawan." Ngumisi ang babae. **"Sa mall, habang magkakasama kayong tatlo, doon tayo unang nagkita."**

"When the hell was that?" asik ni Sensui sa mga kaibigan.

"Yeah, I remember you," kunot-noong angil ni Tob, galit na rin. **"Ikaw 'yong babae sa restaurant."** Sinipat niya ng tingin ang kabuuan nito. **"You're bullshit."**

"You guys are—"

"Shut the fuck up," dinuro ni Sensui ang babae dahilan para hindi nito matapos ang sasabihin. **"Stay away from me, and get lost. Stop showing your ugly face in front of me, you disgust me! Your insanity is creeping the hell out of me!"**

"Oh, please, don't do this to me?" malanding anang babae, hindi papigil. **"I love seeing you, Deib Lohr Enrile. You're so damn attractive! And therefore, I shall stare at you. Ang gwapo mong mukha..."**

Kumuyom ang parehong palad ko nang mahaplos niya nang bahagya ang pisngi ng boyfriend ko.

"Ang nakalalasing mong amoy..." Hindi patinag ang babae kahit anong tapik ni Sensui sa kamay niya. **"Ang nakababaliw sa lambot mong labi..."** Hindi ako makapaniwalang uungol siya. **"My lips are chapped. I think they're dying without the touch of yours Deib,"** sarkastikong aniya pa.

"Shut the fuck up!" Hindi na napigilan ni Sensui na tampalin ito. Ikinagulat iyon ng lahat, maging ako. **"You already pushed my patience to its limit. Hindi lang 'yan ang aabutin mo sa susunod. I'm warning you."** Nakakatakot ang banta ni Sensui. **"Nanggigigil ako sa 'yo. Masasaktan ka talaga."**

"Cool, nanggigigil din ako sa 'yo," nakakabilib ang landi ng babaeng ito.

"Enough," ani Lee, pikon na rin. **"Look at yourself, miss. Hindi ka ba naaawa sa sarili mo? May asawa ka na at may girlfriend ang kaibigan namin."**

"Kung hindi ka titigil, mapipilitan kaming sampahan ka ng kaso. Hindi basta-bastang estudyante ang kinakabangga mo," ani Tob.

"Oh, of course, alam ko iyan. Actually, alam ko na ang background mo, Mister Enrile—ah!" Hindi niya natapos ang sasabihin matapos siyang batukan ni Sensui. Gusto kong matawa. **"Napakabrutal mo!"**

"Oo, at mas magiging brutal pa! Lubayan mo 'ko!" sigaw ni Sensui.

"Hindi mo ako pwedeng pigilan dahil may nararamdaman ako!"

"Hindi nga kita gusto! Mahal ko ang girlfriend ko at nandidiri ako sa 'yo!" Matindi ang pagpipigil ni Sensui na saktan ito.

Kung wala marahil ang mga kaibigan ay baka pinagtatadyakan niya na ang babae sa pagkapikon. Nanginginig sa galit si Sensui at namumula na ultimong ang tainga niya.

"Stay away from me or I'll push you away—to death!"

"Ah, scary," sarkastikang anang babae habang nakahawak sa dibdib. **"Don't sacrifice everything because nothing lasts forever, baby, you know?"** nagkabit-balikat pa siya.

"Then I'll be her nothing," mariing singhal ni Sensui.May kung ano sa dibdib ko na tila hinaplos.

"Bibisita si Chairman dito bukas, at bukas din ay pakikiusapan ko siyang tanggalin ka sa school na 'to,"banta ni Sensui, iyong gagawin niya talaga.

"Go home, miss," ani Tob. **"Paparating na ang girlfriend niya. Hindi magandang magpang-abot kayong dalawa, baka magsisi ka,"** naninindak ang tinig niya.

Humalakhak ang babae. **"Baka naman kaya ka lang natatakot ay dahil under ka ng girlfriend mo?"** mapang-asar niyang sabi. **"Well, sorry, hindi ako natatakot sa kaniya."**

Nginisihan siya ni Sensui. Iyong ngisi na halatang naaasar pa rin siya. **"Hindi pumapatol sa babae ang girlfriend ko, at kailangan mong ipagpasalamat iyon."**

"Really?" lalo pang ngumisi ang babae, talagang nang-aasar. **"At bakit hindi siya pumapatol sa babae?"**

"Dahil namimili ako nang pinapatulan," sabad ko, hindi nila inaasahan.

Agad silang natigilan at napabaling sa gawi ko. Kumurap-kurap ang babae matapos magtama ang aming paningin. Tuloy ay hindi ko na makita ang magandang ngiti na kanina'y nakapaskil sa mukha niya.

Nakangiwi kong nilingon si Sensui. **"Pero kung mukha namang may laban,"** muli kong nilingon ang babae saka ko pinasadahan ng tingin ang kabuuan nito. **"Pwede ko rin naman sigurong subukan."**

Mabilis na namutla ang babae. Kumibot-kibot ang kaniyang mga labi, tila naghahanap ng akmang salita na isasagot sa akin.

Pasiring kong inalis ang tingin sa kaniya saka naglahad ng kamay kay Sensui. **"Let's go."**

"Babe," napapamaang niyang sambit, bumuntong-hininga saka lumapit sa 'kin.

Nagtiim ang bagang ko nang makita ang mantsa ng lipstick sa kaniyang labi. Hindi ko ipinahalata ang inis. Pumihit na ako patalikod at hinila siya.

"Hindi ko man lang naramdaman ang pagdating mo,"habol ng babae dahilan para matigilan ako.

Wala na ang kaniyang pamumutla nang muling lingunin ko. Iba na ang aura. Bahagya nang matalim ang pagkakatitig sa akin. Ang kaninang kumikibot-kibot niyang mga labi ay pawang nakangisi na.

"May door chime," itinuro niya iyon. **"Pero wala akong narinig nang pumasok ka."**

Nginiwian ko lang ang pagiging alisto niya. **"May mga bagay akong nagagawa sa sariling kong paraan,"** nakangiting tugon ko. Nakamaang siyang ngumiwi saka ngumisi. **"May sasabihin ka pa ba?"** tanong ko.

"Wala na," sarkastikong tugon niya.

Tumango ako. **"See you around,"** paalam ko at saka tumalikod.

Naramdaman ko ang pagsunod sa 'min nina Lee at Tob. Itinago ko sa ngiti ang panggigigil sa babaeng iyon.

Hindi kita pwedeng patulan. Hindi dahil babae ka. Kundi dahil hindi pa kita kilala. At tama si Sensui, kailangan mong ipagpasalamat 'yon.

"Babe," pabulong na tawag ni Sensui.

Hindi ako sumagot. Hawak ko pa rin ang kamay niya habang naglalakad. At nilingon ko lang siya nang marating namin ang kaniyang sasakyan.

"Babe," muli ay pagtawag niya. **"I'm sorry."**

"No need," nakangiti kong sabi. **"Titigil din 'yon."**

"Sunod siya nang sunod."

"Hayaan mo lang siya."

"Babe?" halatang naiinis siya ngunit walang magawa.

"Deib Lohr," hinawakan ko siya sa braso. **"Kung pipilitin mo siyang lumayo ay lalo lang siyang lalapit,"**pagpapaintindi ko. **"Sarili mo ang iiwas mo, 'wag siya ang paiwasin mo sa 'yo."** Kunot-noo siyang bumuntong-hininga, masama ang loob. **"For now, I want you to go home,"**pagpapaintindi ko. **"I've got some things to do, I can't join you."**

"I'll take you home, babe."

"No need," ngumiti ako. **"May dala akong motor. Magkita na lang tayo bukas."**

"Are you mad?" nag-aalalang tanong niya.

Natigilan ako at napatitig sa kaniya. Totoong hindi ako galit. Hindi ko alam kung bakit naiisip niya 'yon. Pero sa halip na kwestyunin siya ay nanlumo ako sa pag-aalalang nababasa sa kaniyang mga mata. Marahil ay gano'n katindi pag-aalala niya sa nararamdaman ko.

"Of course not," hinawakan ko siya sa braso. **"I promise I'm not mad, not even jealous. Believe me,"**nangungumbinsing dagdag ko. Pero hindi nabawasan niyon ang kahabag-habag niyang lungkot. **"Babe..."** Hinaplos ko ang pisngi niya. **"Maniwala ka sa 'kin, ipinararamdaman mo ang pagmamahal mo nang higit pa sa inaasahan ko. At sapat na 'yon paramatahimik ako. Walang dahilan para mag-alala ka, okay?"**

Pilit ang ngiti niya. **"I love you so much, babe. Ayaw kong mawala ka sa 'kin nang dahil lang sa gano'ng klase ng babae,"** sinsero niyang sinabi. Hindi ko malaman kung saan siya nagmumula. Marahil ay iniisip niyang big deal sa akin ang babaeng 'yon. Posibleng magkaganoon pero hindi pa sa ngayon. Masyadong malaki ang tiwala ko sa lalaking ito.

Ngumiti ako. **"'Yon ngang daan-daang babae na may gusto sa 'yo ay nabale-wala ko, ito pa kayang nagso-solo? Tss. Gano'n ba 'ko kahina sa tingin mo?"** mayabang kong tugon. Awtomatikong nawala ang pag-aalala sa mukha niya. **"Kung may sisisihin man ako dito, 'yon ay ang pagiging gwapo mo. Pero 'yong nararamdaman mo,"** nakangiwi akong umiling, nagyayabang. **"Hindi kailanman naging kwestyonable. Do you get my point?"**

'Ayun na naman 'yong gwapo niyang ngiti. **"I love you, babe."**

"I love you more," nakangiti kong tugon. Lumapit siya at niyakap ako nang mahigpit.

"Lord!" bigla ay palahaw ni Tob. Hindi man lang namin naalala ang presensya nila ni Lee. **"Nasa'n si Michiko sa mga panahong 'to?"** biro niya. Natatawa kaming lumingon sa kanila ni Lee. **"I missed you, Max! Ang astig mo na naman do'n,"** turo niya sa coffee shop. **"Anyway, we have to go."**

Kumaway si Lee. **"See you tomorrow, guys. Take care."**

"Ingat," sabay naming paalam ni Sensui saka pinanood ang mga ito na umalis.

"Ingat." sabay naming paalam ni Sensui at saka naming pinanood ang pag-alis niya. **"I'm in a hurry, babe,"** bumaling ako paharap sa kaniya. **"Is it okay if you leave now?"**

Nginusuhan niya ako. **"Ano na naman ang aasikasuhin mo, babe? Can't I come? Marami akong oras."**

"Hindi na, babe. Makikipagkita ako sa mga Moon."

Nanlumo siya. **"I see."**

Binuksan ko na ang pinto ng kaniyang kotse, at sapilitan siyang pinasakay. Matagal siyang tumitig sa 'kin. Gusto kong matawa dahil nasisiguro kong iyon na ang hudyat ng pangungulit niya. Pero gusto kong bumilib dahil mukhang matindi na ang pagpipigil niya.

Nakangisi akong lumigid at sumakay sa passenger's seat, na siyang ikinagulat niya. Mas nagulat pa siya nang bigla ay lumapit ako upang halikan siya. Iyong halik na matamis at nananabik. Iyong nang-aangkin, sinasabi kung sino at alin ang akin.

Pareho naming habol ang hininang nang maghiwalay. **"I'll see you tomorrow,"** pabulong kong sabi. **"I'll call you as soon and as often as I can, I promise."**

'Ayun na naman ang makalusaw-puso niyang ngiti. **"Hindi ba pwedeng mag-text, babe?"**

Napabuntong-hininga ako. **"Go ahead and text me all you want,"** ngumiti ako. **"Magiging mabagal pero sasagutin kita."**

Yinakap niya ako. **"I love you, babe,"** madamdaman, sinsero niyang bulong.

"I love you, too," muli kong dinampian ng magaang halik ang labi niya. **"I really have to go now. Take care."**

Pinanood ko si Sensui na kumaway bago tuluyang umarangkada papalayo sa lugar. Saka ko sinalubong ang mga matang kanina pa nakamatyag sa akin. Gano'n na lang katindi ang interes na mababasa sa mga mata ng babaeng 'yon. Hindi ko naman siya masisisi dahil pangalan ko pa lang, masyado nang interesante. Ngunit sadyang nagmamadali ako. Wala akong oras sa mga gaya niya.

Gaya nang napag-usapan ay nakipag-text ako kay Sensui nang sandaling makarating ako sa mansyon. Panay ang buntong-hininga ko sa t'wing magkakamali sa pagtipa, at gano'n na lang ang pagpapahinga sa t'wing makakatapos ng isang buong text message.

"Ano na ang balita?" panimula ni Chairman Moon.

"Walang nagbago, Chairman," si Heurt ang sumagot sa nanlulumong tono. **"Hindi ako sinasagot ng lalaking iyon, panay lamang ang pagngisi niya. Iniiwasan kong mainis."**

Gusto kong tumutok sa usapan nila, totoo 'yon. Pero talagang hilig ni Sensui ang pagte-text. Napakabilis niyang sumagot! Tuloy ay kailangan kong sumandal nang todo sa silya at palihim na magpipindot sa ilalim ng mesa.

"Maxpein?" Hindi ko nadinig ang pagtawag ng Chairman. **"What are you doing? Maxpein!"**

"I know," wala sa sariling sagot ko. Lahat sila ay nakatingin na sa akin nang mag-angat ako ng tingin.

"What is it that you know?" asik ng Chairman. Napalunok ako. **"What's keeping you busy at this very moment?"** kunot-noo niyang sinulyapan ang mga kamay ko.

Pasimple kong itinago ang telepono saka tumikhim. **"I was thinking,"** nilingon ko si Heurt. **"Kailangan nating kausapin ang lalaking 'yon."**

Umiling si Heurt saka bumuga ng hangin. **"As I was saying,"** mariing aniya, nakagat ko ang labi. **"Wala akong mapigang impormasyon sa lalaking iyon. Kailangan ko ng ipapain. Hindi sapat ang pananakot ko."**

"Baka kailangan nang saktan mo?" nakangising suhestyon ko saka dumampot at kumagat ng brownies. Ngumunguya akong nagpatuloy, **"Busalan mo ang bibig tapos buhusan mo ng tubig. Kapag 'yan kinapos na ng hininga, ewan ko lang kung hindi pa 'yan pumutak."**Tumawa ako sa huli. Masama na ang tingin ng pamilya ko nang muli akong sumulyap sa kanila. Tuloy ay hindi ko naituloy ang pagnguya. **"Joke."**

Hindi ko na hinawakan pa uli ang cellphone ko. Dahil kung sumubok pa ako ay paniguradong natiklo na ako ng Chairman. Tumutok at nakisali na lang ako sa usapan. At bago umuwi ay sinabi ko kay Sensui ang dahilan kung bakit hindi na ako nakasagot pa.

KINABUKASAN ay nagising ako sa maingay na tunog ng cellphone ko.

Nakapikit ko iyong dinampot at sinagot. **"Oh?"**

"Good morning, babe," malambing na bati ni Sensui.

Agad akong napangiti. Walang kasinsarap sa pandinig ang kaniyang tinig. Hindi ko akalaing posible palang lumabas ang kaguwapuhan ng lalaki sa boses nito. Gano'n si Sensui.

"Thanks for waking me up, babe," malambing din na tugon ko. Nakangiti akong bumangon at nagtatalon, nakapikit pa rin. Gano'n kabilis

niyang pinaganda ang umaga ko. **"I gotta go, may practice ako ng sayaw."**

"Maaga rin ako sa school ngayon, kasama ang pamilya ko. Bibisita sa BIS at BISH si Chairman Enrile. Makikita kita nang maaga," bakas ang excitement sa tinig niya.

"See you there, then. Join me for breakfast."

"For real?" lalo pa siyang na-excite. **"Sweet ka pala kapag bagong gising?"**

"Sweet na ba sa 'yo 'yon?" mayabang kong tugon. **"Para sa 'yo ay kaya kong gawin ang kahit anong higit pa diyan. 'Wag kang matuwa sa maliliit na bagay na tulad niyan."**

"I can't wait, Taguro," nasasabik na aniya, natawa ako. **"Go and prepare."**

"I love you."

"Wow, nagkusa! Sa wakas!" bulalas niya, hindi malaman kung nang-aasar o nasobrahan sa tuwa. **"I love you, too, so much!"**

"Later, bye."

Ipinaalam ko sa lahat ang usapan namin ni Sensui na sabay mag-aagahan. Kompleto na ang members nang makarating ako sa social hall. Ang ilan ay nagsisimula nang mag-practice kahit wala pa si Aenna. Nag-warm up lang ako at sumabay sa kanila. Patuloy at paulit-ulit ang sayaw hanggang sa magamay namin nang tuluyan ang steps, at magkaroon kami nang iisang ritmo.

Naging mas abala kami nang dumating si Aenna at magturo ng panibagong steps. Habang dumarami ang napa-practice namin ay dumarami rin ang dumaraang tao.

Nahati ang atensyon ko sa pagsasayaw nang panoorin ko nang tuluyang punuin ng estudyante ang quadrangle. Bigla ay nabalisa ako nang maramdaman ko ang presensya ng mga Enrile. Hindi ko man nakita ang mga ito, nasisiguro kong naro'n na sila. At hindi ko malaman kung saan iyon nagmumula.

One Message Received

From: Sensui

We're here, babe. Hindi ka pa ba pupunta dito? I want to see you. I love you. J

07:28AM

Compose Message

To: Sensui

Katatapos lang ng practice, I'm on my way to your heart. J

Message Sent!

Compose Message

To: Mokz Moon

Nandito na sa BIS ang mga Enrile.

Message Sent!

"You're a good dancer," bigla ay nangibabaw sa tabi ko ang tinig ni Lovemir. Hindi ko man lang siya napansin. Abala ako sa pagte-text at pag-aayos ng gamit. **"Sa tingin ko ay magiging maganda ang intimate contemporary dance natin,"** walang emosyong dagdag niya.

"Mm," tipid na tugon ko. Nginisihan at tinanguan niya ako bago nangunang umalis. *Tss.*

Hindi ako nahirapang hanapin si Sensui. Gusto ko pang matawa dahil nasa akin na ang paningin niya nang tingalain ko sa stage. Hindi talaga makatiis ang lalaking 'to nang hindi ako nakikita.

Noon din ay nagsimula sa seremonyas si Chairman Enrile. Panay ang papuri at pag-welcome nito sa mga bagong estudyante. Lumapit naman ako sa mga kaibigan ko at nakinig dito.

Nagkalat ang body guards ng mga Enrile. Sa hindi maipaliwanag na dahilan ay mas naging balisa ako. Pinanood at pinakinggan ko si Chairman Enrile habang nagmamasid at nakikiramdam.

Ngunit natapos ang mahabang speech niya, walang nangyari. Doon lang ako nakahinga nang maluwang. Ngunit nananatili akong balisa.

Ano bang nangyayari, Maxpein?

"Tara na," anyaya ni Naih, tinanguan ko lang siya.

Nagtama ang paningin namin ni Sensui nang lingunin ko ang stage. Pinanood ko siyang magpaalam sa pamilya at maglakad papalapit sa akin.

"Ang gwapo mo ngayon, Sensui, ah?" papuri ni Naih.

"Tch. Lagi naman," mayabang na sagot ni Sensui. **"Mas gumagwapo lang kapag itong kaibigan mo na ang kaharap ko,"** nakangiti siyang umakbay sa akin. **"Nag-practice ka ng walang breakfast. Let's go, baka ma-late ka."**

Sa BIS coffee shop kami nag-agahan ni Sensui. Um-order siya ng coffee at bread, at nakangiting tumitig sa akin habang ngumunguya.

Ako naman ay nagmamasid pa rin sa labas, sa hindi pa rin matukoy na dahilan. Praning lang marahil ako. Pero hindi ko maiwasang manibago sa

sarili ko. Ewan.

"Kumusta ang practice mo?" tanong niya.

"Maayos naman." Ngumiwi ako. **"Magugulat ka na lang sa party."**

Sandali niya akong sinimangutan bago ngumiti. **"Panigurado namang magugustuhan ko 'yan."**

Nakangiti ko siyang tiningnan. *Sana nga, babe. Kung hindi ay kawawa ang mga puso mo. Hehe.*

Nang matahimik ay 'ayun na naman 'yong wirdong pakiramdam. Na para bang may inaabangan akong hindi naman dumarating.

"Malapit na ang anniversary natin, babe," ani Sensui nang matapos kami. Natigilan ako at nag-angat ng tingin sa kaniya. Sumama agad ang mukha niya. **"Tch. 'Wag mo sabihing nalimutan mo?"**

Nakagat ko ang labi saka palihim na nagkamot ng sentido. **"Kailan nga ba 'yon, babe? Hehe."**

Bumuntong-hininga siya saka ako inalalayan palabas ng coffee shop. **"Next month, babe,"** asik niya. Muli kong nakagat ang labi. *Yari na. Magda-drama na 'to.* **"Tsk. Dahil nakalimutan mo ay may kasalanan ka sa 'kin. Kailangan mo akong suyuin para pumayag akong makipag-date sa 'yo. Dahil hindi kita ide-date!"**

"'Wag gano'n, hindi ka patas, hehe."

"Tch! Seryoso ako, Taguro!" asik niya.

Magsasalita na sana ako pero natanaw ko ang pag-ibis ni Chairman Enrile sa kotse kasunod ang sangkaterbang body guards.

"Paalis na pala sila. Hindi ka nakita ni mommy, sayang," ani Sensui habang nakatanaw rin doon. **"Gustong-gusto ka na niyang makita. Daan ka sa bahay mamaya?"**

"Sige," nakangiting tugon ko. **"Basta ide-date mo ako."**

"Tch. 'Ayan! D'yan ka magaling, Taguro."

"Mahal na mahal kasi kita, hindi kita kayang tiisin."

"'Sus! 'Wag mo akong daanin sa mga ganiyang pang-aakit mo."

"Wow!" napapamaang na bulalas ko. **"Nasaan ang pang-aakit don, Sensui?"**

"'Yan!" itinuro niya ang labi ko. **"'Yan mismo—wala pang ginagawa pero naaakit na ako! Hehe."**

"Tss." Inilingan ko siya saka muling tinanaw ang kotse ni Chairman Enrile. Suwabeng tumakbo ang sasakyan padaan sa gawi namin.

Ngunit sa isang iglap ay may humarurot na motor mula sa likuran. Dumeretso ito papunta sa harapan ng kotse ng Chairman dahilan upang mapilitan itong huminto. Tuloy ay bumangga sa likuran ang kasunod nitong sasakyan.

Mas hindi inaasahan nang bigla ay sumabog ang unahang bahagi ng kotse kung saan lulan ang Chairman!

What the hell... Naestatwa ako sa kinatatayuan.

"Shit!" asik ni Sensui.

Nasisiguro kong kung sino man ang nakasakay sa motor ay iyon ang may kagagawan nito.

Awtomatiko kong napigilan ang akmang pagtakbo ni Sensui, habang ang paningin ay tutok sa kumakalat na maitim na usok.

"Stay!" asik ko nang akmang magpumiglas ni Sensui.

"Ang pamilya ko, Maxpein..." Hindi niya nagawa maski ang pagtaasan ako ng boses nang samaan ko siya ng tingin.

Agad na umalingawngaw ang sirena ng mga sasakyan ng mga Enrile. Hugot ko ang hininga habang pinanonood ang mga sakay niyon na umibis palabas. Nagtatakbo sa kung saan sina Chairman at Mrs. Enrile, nanghihilakbot sa takot.

Ngunit noon ay natuon na ang paningin ko sa nakasakay sa motor. At gano'n na lang muli ang gulat ko nang halos umusok sa pagharurot ang gulong nito! Noon ay batid kong si Chairman Enrile na ang puntirya nito. Nagind hudyat iyon ng pagkilos ko.

"Taguro!" sigaw ni Sensui dahilan upang mapalingon ang naka-motor sa gawi namin.

Hindi makilala kung sino ang naka-motor dahil sa helmet nito. Ngunit batid kong lalaki ito dahil sa tindig at hugis ng pangangatawan.

"Maxpein!" bulalas ni Randall mula sa kabilang kalsada. Napaggigitnaan namin ang naka-motor.

Pumalahaw ng iyak ang anak na karga ni Dein. Nakawiwindang ang ingay at usok sa paligid. Tila huminto ang paligid. Patuloy sa pagpapaingay ng motor ang lalaki. Hindi na itinuloy ang akmang pagsugod sa Chairman. At kahit hindi ko nakikita ang mga mata niya, nasisiguro kong nasa akin ang kaniyang paningin.

Napanood ko nang padulas na umikot ang motor at sa isang iglap ay humarurot ito papunta sa 'kin!

"Taguro!" nakakabinging sigaw ni Sensui patakbo sa gawi ko.

Kahit anong bilis ng motor ay nagawa kong hilahin si Sensui papalapit at itulak patalikod. Muli niya akong tinawag nang mapahiga sa lupa. Ngunit wala na sa kaniya ang aking atensyon.

Tumakbo ako papunta sa gutter at dumampot nang malaking bato. Saka ko inasinta ang gulong ng motor dahilan upang sumemplang iyon.

Ngunit hindi ko napaghandaan ang pagharurot ng itim na kotse, hindi pamilyar at hindi malaman kung saan nagmula. Pigil ko ang hininga nang tumakbo ako paatras. Pero hindi na kami ang puntirya nito. Dahil sa halip ay sumakay doon ang lalaking sakay ng motor. Saka nagmadali ang mga itong umalis sa lugar na 'yon.

Hindi ko malaman kung ano ang gagawin o sasabihin. Natitigilan kong tinanaw ang papalayong kotse.

Who the hell are you?

OceanofPDF.com

CHAPTER 176

DEIB'S POV

NAKAPANLULUMONG NOON pa lang nagawang kumilos ng body guards. Iginiya kami ng mga ito pabalik sa campus. Totoong mabilis ang pangyayari, kahit si Taguro na parang hangin na kung kumilos ay hindi napaghandaan ang bagay na 'yon.

Nagkagulo ang mga taong sumasalubong sa 'min at gano'n na rin ang mga nakikiusyoso.

Humahangos si lolo nang madatnan namin sa loob ng office. **"*Sesanghe*!"**

Hindi siya makapakali at panay ang sulyap kay Chairman Enrile na noon ay sinusuri ng mga doktor.Nahihirapan ito sa paghinga.

Pakiramdam ko ay huminto ang mundo at hindi mawala ang inis ko kay Taguro. Sumugod na naman siya nang basta. Hindi iniisip ang sarili o kung may mag-aalala ba sa kaniya.

Parang sandali akong nalagutan ng hininga sa ginawa niya! Tsk!

Hanggang sa sandaling iyon ay abala sa pakikipag-usap si Taguro sa kung sino-sinong matataas na opisyal na animo isang detective. Tuloy ay hindi ko siya malapitan at magawang kumustahin. Wala akong nagawa kundi ang sulyapan lang siya nang paulit-ulit. Lalo lang akong nainis.

"Ano ba, Deib Lohr, maupo ka nga?" sita ni daddy.

Hindi ko man lang namalayang nagpapaikot-ikot na pala ako sa loob ng office, katitingin sa kanila at kay Taguro.

Nanlulumo akong naupo at naihilamos ang palad sa mukha. **"What the hell is going on?"** sa wakas ay naibulalas ko. Hindi ko naitago ang pagkalito at galit na ikipinag-alala nila.

"Deib Lohr," pagtawag ni *Noona*.

Hindi ko man lang siya nilingon. **"Can somebody tell me what the hell is going on?"** muling tanong ko tsaka tumingin kay daddy. **"Dad?"**

"Nobody knows," mapagpasensya niyang asik. **"Deib Lohr, this is not the right time to discuss about this. Look at your great grandfather, he's not—"**

"Dad," pigil ko sa kaniya. **"Have you seen what just happened? Muntik na kayong mapahamak, lahat kayo."** Sinikap kong kumalma, nabigo ako. **"Please tell me, what's going on?"** litong-lito, hindi makaintinding tanong ko.

"Will you calm down, Deib Lohr?" asik ni lolo. Napapahiya akong nagbaba ng tingin ngunit ang inis ay naro'n pa rin.

Humugot ako nang malalim na hininga at sumandal na lang. **"Parati na lang bang gano'n?"** nalilito kong sabi. **"Hinahabol na tayo ng panganib. Pero wala tayong alam kung saan nagmumula at sino ang may pakana. May karapatan akong malaman dahil myembro rin ako ng pamilyang 'to. Nandito ako sa school na 'to at dito sila mismo sumugod. God, damn it!"**

Hindi ako matahimik sapagkat pakiramdam ko ay may alam ang lahat maliban sa akin. Ngayon lang nangyari ang gano'n. At talagang nananakit ang ulo ko sa kaiisip sa posibleng dahilan. Ngunit wala akong mahita.

"I said, calm down," singhal ni lolo, galit na, dahilan upang matahimik ako.

My incapabilities frustrates me. Pakiramdam ko ay napakainutil ko. Wala na akong ginawa kundi isigaw ang pangalan nang kung sino-sino, at tumunganga. Wala akong silbi kundi ang panoorin ang nangyayari at maghintay sa resulta. Hindi ko maitatangging naduduwag ako pero nasisiguro kong may magagawa ako.

Hindi ko lang talaga alam kung paano. Tsk! Badtrip!

Nangibabaw ang nakakabinging katahimikan. Tanging ang maingay na hikbi ni *Noona* ang maririnig sa paligid.

Natinag na lang kami nang bumukas ang pinto. Magkakasunod na pumasok ang mga Moon.

"Chairman Moon," tumayo at hinarap ito ni lolo.

Tumango bilang pagtugon si Chairman Moon. Sinuyod niya ng tingin ang kabuuan ng opisina. Isa-isa niya kaming sinuri ng tingin bago iyon ipinukol kay Chairman Enrile. Pinanood niya ang mga doktor sa ginagawa.

"May mga nangyaring hindi inaasahan kanina at heto ang naging resulta," napabuntong-hininga si Lolo Dei Min. **"Nahirapang huminga ang Chairman namin nang dahil doon."**

"Nakarating sa akin ang balita," pormal na tugon ni Chairman Moon.

Bigla ay magkasunod na pumasok sina Maxpein at Maxwell, naagaw ang atensyon namin.

Nagtama ang paningin namin ni Taguro. Pakiramdam ko sa isang iglap ay nagawa niyang pag-aralan ang kabuuan ko, sinisigurong ayos lang ako.

Sa halip na matuwa ay tumayo ako at inis siyang hinila papalapit. **"Magpapakamatay ka ba, o papatayin mo 'ko?"** asik ko.

Mabilis na nagsalubong ang mga kilay niya. **"What the hell are talking about, Sensui?"** seryoso siya.

"Sumugod ka na naman nang hindi kailangan! Paano kung napaano ka? "

"Come on, Deib. Wala namang nangyari sa 'kin, 'di ba?" sinikap niyang maging kalmado. **"Hindi ka pa rin ba sanay sa 'kin?"**

"Sanay na ako, at sinabi ko na sa 'yong ayaw kong ginagawa mo 'yon."

"Bakit nagagalit ka?" nalilito siyang ngumiti, nagmukha tuloy iyong peke.

"Dahil nag-aalala ako sa 'yo."

"Walang nangyari sa 'kin."

"Paano nga kung meron?" asik ko, natigilan siya. **"Palibhasa ay iniisip mo parati ang ibang tao, pero ang nararamdaman ko, hindi. Nakita mo na ngang may sumabog, lumapit ka pa, Taguro."**

"Tss."

"Ikaw na rin ang nagsabi, tao ka lang. 'Yong mga bagay na ginagawa ko sa 'yo noon, iniiyakan mo. Pero bakit sa ganitong sitwasyon ay ang lakas ng loob mo?"

Umiling siya. **"Hindi kita maintindihan. Hindi mo kailangang sabihin 'yan, lalo na ngayon. Hindi mo kailangang magkompara. Dahil noon, walang buhay na nadadamay. Ngayon, meron na."**

"Pero hindi pa rin 'yan sapat na dahilan para sumugal ka."

"Deib Lohr," galit na pagtawag ni daddy. **"Huminahon ka, hijo, pakiusap."**

"Natatakot ka para sa pamilya ko pero sa sarili mo ay hindi. Taguro naman?" nanlulumong asik ko. Hindi ko maipaliwanag ang pinanggagalingan ng inis ko. Masiyado nitong natatabunan ang pag-iisip ko. **"Sinabi ko na sa 'yong ayaw kong ginagawa mo ang pasugod sa gano'n kadelikadong sitwasyon. How can I make you understand?"**

Lalo siyang napailing, nalilito sa bagay na hindi niya maipaintindi sa akin. **"Dahil kailangan, Deib,"** mariing aniya. **"Pang-intindi rin ang**

kailangan ko mula sa 'yo ngayon. Now if you don't mind, I have some things to discuss with my family."

"No," pigil ko sa kaniya. **"I want you to talk to me first."**

Inis na binawi ni Taguro ang braso niyang hawak ko. Sumama ang tingin niya sa akin. **"You're overreacting,"**aniya. Napamaang ako. **"Kung hindi ko ginawa 'yon, sino sa tingin mo ang gagawa?"** pabulong na aniya saka sinuyod ng tingin ang kabuuan ko. **"Ikaw?"**nakakainsultong dagdag niya.

Natigilan ako at napatitig sa kaniya. Pakiramdam ko ay bumagsak ang lahat ng dugo sa katawan ko. Namutla ako sa pagkapahiya. May kakaibang kirot na idinulot ang tanong niyang 'yon sa puso ko. Ang huling salitang sinabi niya ay nagtila pang-aalispusta sa buong pagkatao ko.

Nagtiim ang bagang niya. **"Kasi kung sasabihin mo sa 'kin ngayon na magagawa mo 'yong ginawa ko, sige, titigil ako,"** hamon niya sa mapaklang tono. Gusto ko na namang mainsulto. Pakiramdam ko ay nasisiguro niya nang hindi ko magagawa 'yon gaya gano'n kapait niya iyong sinabi.

"So what do you mean?" naiinsulto kong tugon.

"Pamilya mo ang iniisip ko at hindi ang sarili ko. Kung hindi ko ginawa 'yon ay paniguradong mas malala pa rito ang inabot nating pare-pareho. Nakapag-iisip ka pa ba?" singhal niya. Doon ko lang naramdaman ang galit niya.

Sa unang pagkakataon ay nakita ko iyong galit na galit, na halos umapoy nang mga mata niya. Ilang beses ko na iyong nakita pero hindi sa akin nakatuon kung hindi kina Choco, Mallyu at Yago.

Lalo akong nanliit. Ang mga salita niya ay unti-unting sumasaksak sa akin. Nagawa niyang iparamdam sa akin kung gaano akong kainutil. Hindi ko alam kung paano niyang naisusumbat ang mga salitang 'yon sa harap ng pareho naming pamilya. Naiinsulto ang pagkalalaki ko. Masakit sa pakiramdam.

"Lakas at kakayahan ba ang batayan dito, Taguro?" mayamaya ay tanong ko.

"Hindi. Pero iyon ang kailangan sa sandaling ito."

Tatango-tango akong bumuntong-hininga. **"Alright, then I'm sorry,"** mapakla kong sinabi. **"Nawala sa isip kong sobrang lakas mo nga pala."**

"Enough," saway ni Chairman Moon. Nagtama ang paningin namin. **"Naiintindihan ko ang pag-aalala mo para sa apo ko, salamat,"** sinsero, nakangiting aniya. Napakurap lang ako.

Nakakabilib ang gano'ng ugali ng Chairman Moon. Hindi ko alam kung paano niya nakukuhang ngumiti nang ganoon kaganda sa kabila ng ganitong klase ng problema. Puro kabutihan ang ipinapakita niya sa 'kin, at hindi ko alam kung karapat-dapat ba ako ro'n.

"Ayos na ba ang kaniyang lagay?" bumaling si Chairman Moon sa mga doktor na umaasikaso kay Chairman Enrile. Tumango lang ang mga ito. **"Maxpein? Ano ang nangyari?"**

Gusto kong manlumo. Hindi ko inaasahang si Taguro ang tatanungin nila nang ganoon. Alam kong wala rin itong alam, at gaya namin, nangangapa sa posibleng dahilan nang pangyayari.

Pero kung magtanong ang Chairman sa kaniya ay para bang hawak niya ang tamang sagot. Tch. Mga wirdo talaga.

Bumuntong-hininga si Taguro. **"Hindi natukoy ang lalaking nakasakay sa motor, Chairman."**

"Bakit hindi?"

"Nakaalis agad sila, Chairman." Unti-unti ay humina ang tinig ni Taguro, kabado. **"Walang tao para makasunod sa kanila."**

Nilingon ni Chairman Moon si Taguro at pinagkunutan ng noo dahilan para mag-iwas ito ng tingin. **"Walang tao, Maxpein?"** sarkastikong anang Chairman. Lalong nagbaba ng tingin si Taguro.

'Wag niya sabihing pupuntahan pa ni Taguro ang mga 'yon? Hindi kita maintindihan kahit kailan, Chairman.

Nabasag ang namuong katahimikan nang mag-ring ang telepono ni More. Tahimik siyang nakipag-usap bago bumaling sa ama. **"May natagpuan na runaway vehicle sa may CDCP,"** patungkol niya sa lugar papuntang Manila. Nilingon niya ang anak. **"Ano ang plaka?"**

Kahanga-hangang naidikta iyon ni Taguro. Hindi ko man lang naisip na kunin iyon kanina. Wala na ako sa sarili. At hindi ko na naman malaman kung ano ang mararamdaman ko habang nag-uusap silang pamilya. Para silang pira-pirasong puzzle na may binubuo gamit ang iilang salita.

"Nasaan na ang motor, Maxwell?" baling naman dito ni More.

"Kinuha na ng mga pulis, dad," kaswal na tugon ni Maxwell saka tumayo. **"I gotta go. May duty pa ako."**Tumango siya sa lahat.

Napamaang ako. *Sa ganitong sitwasyon, duty? Unbelievable. Magkakapatid nga sila.*

Hindi ko naiwasang maalala iyong sandaling harangin ako ng grupo nina Mallyu at Yago. Nang sabihin niyang kailangan ko nang umuwi at mag-

aral.

Grabe. Kakaiba talaga ang pamilya nila.

Para akong mababaliw sa kaiisip. Naiintindihan kong nag-aalala sila. Pero paano si Taguro? Bukod sa akin, sino sa tingin niya ang mag-iisip ng lagay niya? At bakit kailangang parating kumilos siya para maisalba ang buhay ng iba? Ano ba ang tingin niya sa sarili niya? Litong-lito ako, napupuno na naman nang napakaraming hindi masagot na tanong ang isip ko. At lalo lang iyong dumaragdag sa emosyon ko.

Hindi ko maiwasang magmaktol. *I can't believe she said that in front of our family. I'm overreacting? Tch. Ano naman ang tawag sa kaniya? Pabida!*

Mataman kong pinagmasdan si Taguro. Nagpapalitan sila ng kani-kaniyang impormasyon at suhestyon ng kaniyang pamilya. Pilit kong pinakinggan ang mga iyon pero sadyang wala akong maintindihan. Dahilan upang lalo kong maramdaman kung gaano ako kawalang-pakinabang sa ganitong klase ng sitwasyon.

Sa kabilang banda ay ipinagtataka ko ang lakas ng loob na nakita ko sa kaniya kanina. Bumalik siya sa dating Taguro na walang kinatatakutan. Malayong-malayo sa Taguro na takot na takot nang gabi na mapahamak siya.

Nilingon ako ni Taguro nang matapos silang mag-usap. Galit siya. Kung nakapagsasalita lang ang mga mata niya, sa tingin ko ay pwede akong mamura ng mga iyon sa galit.

"Sa tingin ko ay ayos na ang lagay niya," anang doktor na sumuri kay Chairman Enrile..

"Thank you so much, Dr Arandia," ani Randall. **"Mag-iingat po kayo."**

"Call me when you need me," tugon ng doktor. Inihatid sila ni Randall sa ambulansyang hindi ko man lang namalayang pumasok kanina.

"Sa tingin ko ay puwede na tayong umuwi," ani Chairman Enrile, inalalayan siya ni Randall patayo.

"I'll take you home, Chairman," presinta ni Randall. Umiling ang Chairman. **"Chairman, please? Your car is not in good condition. Besides, kailangan pang tingnan ng mga pulis iyon. I hope you understand."**

"Maaari rin na kami na lamang ang maghatid sa inyo," sabad ni Chairman Moon.

Nakakagulat ang galit na bumalatay sa mukha ni Chairman Enrile nang marinig iyon.

"Ngunit nasa sa iyo pa rin ang desisyon kung gugustuhin mo. Pwede kayong ihatid ng mga tao ko,"suhestyon ni Chairman Moon.

"Hindi na," pagmamatigas ni Chairman Enrile. **"Hindi ko nga maintindihan kung bakit pa kinakailangang nandito kayo."**

Natitigilan kong nilingon si Chairman Enrile. *What's wrong with him? Bakit parang siya pa ang galit sa mga Moon? They're here to help. Tch.*

Nangibabaw ang tensiyon sa pagitan ng makahulugang tinginan ng mga Chairman.

"Salamat, pero hindi ko kayo kailangan," dagdag ni Chairman Enrile. **"Tayo na."** Pinagbuksan siya ng pinto ni Randall.

Napapahiyang bumaling si daddy sa mga Moon. **"Pasensya na, Chairman."**

"Nauunawaan ko, Lohrton. Mag-iingat kayo pauwi."

"Salamat, Chairman Moon," napapailing na bumaling sa 'min si daddy. **"Let's go."**

Agad na lumapit sa 'kin si mommy. **"Please be careful on your way home, baby, okay?"** Niyakap ko siya at hinalikan sa sentido. **"Before dinner dapat nasa bahay ka na."**

"I will, mom. I love you," mahinang tugon ko.

Pinanood ko pa ang pag-alis nila. Ngunit naagaw ni Taguro ang paningin ko nang sundan niya ang pamilya ko.

Saan na naman ang punta niya?

Susunod sana ako nang pigilan ako ni Mokz. Umiling siya ng dalawang beses, sinasabing 'wag ko nang sundan si Taguro.

"Hayaan mong ihatid sila ni Maxpein. Don't worry, she's just making sure they'll leave safe. Calm down, apo."

"Bakit ba hinahayaan ninyo siyang sumugod nang gano'n na lang, mag-isa?" hindi ko napigilang magsalita. **"Bakit imbes na kayo ay halos itulak ninyo siyang iligtas kayo? Bakit gano'n, Mokz?"** sinikap kong maging magalang.

"Deib Lohr?" asik ni Lolo Dei Min ngunit hindi ko siya pinansin.

Nanatili ako kay Mokz. **"I don't get it."** Umiling ako nang umiling. **"Bakit parating si Maxpein? Si Maxpein nalang nang si Maxpein. Bakit, ano ba si Maxpein?"**

Natigilan at napamaang si Mokz sa paghingi ko ng paliwanag. Nagkatinginan sila ng mga Moon at sabay-sabay na napabuntong-hininga.

"Gano'n ba siya kalakas?" iling ko. **"Bakit sa kamay ng mga lasenggong 'yon ay hindi ko nakita ang ganitong lakas niya, Mokz? Make me understand. I'm so confused. Saan nanggagaling 'yong ganitong lakas niya ng loob? Bakit ganiyan na lang ang tiwala ninyong hindi siya mapapahamak? Tell me."**

"Dahil kaya niya," tipid niyang tugon. Inis akong nag-iwas ng tingin.

Kulang na kulang ang sagot na 'yon sa dami ng tanong ko. Ngunit hindi kapani-paniwalang gano'n kabigat ang naging dating niyon.

"Calm down, Deib Lohr," aniya pa sa pinakamahinahong paraan.

"How? Hindi ko magawang humihahon sa t'wing makikita ko siyang sumusugod nang mag-isa. Kung pwede namang ako na lang."

"No," seryoso siyang umiling saka hinawakan ang balikat ko. **"May mga bagay na nagagawa si Maxpein. May mga pagkakataon naman na mahina siya. At hindi mo iyon maiintindihan. Sa ngayon ay hindi natin kailangan iyang nararamdaman mo. Sana ay nauunawaan mo."** Pakiramdam ko ay napakarami niyang misteryo na hindi pwedeng ibahagi sa 'kin. Kaya pilit niya na lang pinasisimple ang pagpapaintindi.

Ako lang ba talaga ang nag-aalala? O overacting nga talaga ako? Kailangan ko bang gumaya sa kanila? Ang umastang walang pakialam? Hindi ako nakasagot. Ang inis ay naro'n pa rin sa akin.

"Heurt?" pagtawag ni Chairman Moon. **"Pigain mo ang lalaking hawak mo. Kailangan natin ng sagot sa lalong madaling panahon."**

Nilingon ko ang Chairman. *Sinong lalaki?* Hindi ko naiwasang maalala ang lalaking nahuli sa Palawan. *Kung gano'n ay hawak nila 'yon? Bakit hindi nila ibigay sa mga pulis?* Kunot-noo, wala sa sarili, akong napatitig kay Chairman Moon. At gano'n na lang ang gulat ko nang lingunin niya ako. Nag-iwas ako ng tingin.

"We should leave now," ani Maze mayamaya. Sinuyod niya ako ng tingin.

"Ihahatid ko na kayo," sagot ko saka sumabay sa kanila papalabas.

Nalingunan ko si Lolo Dei Min. Gusto kong mainis sa masama at makahulugang tingin niya. Para bang sinasabi niya na pagagalitan niya ako mamaya dahil sa iniasal ko.

Tch. Ako ang hindi ninyo maintindihan. Babae si Taguro. Hindi siya ang dapat na gumagawa nito.

May mga lalaking myembro ang kanilang pamilya. Kaya naman hindi ko maintindihan kung bakit siya ang ginagawang bala. Habang ang kaniyang pamilya ay naghihintay lang sa sasabihin niya.

Ngayon ko lang naiisip kung bakit gano'n na lang ang gulat nila nang malaman ang nangyari kay Taguro sa kamay ng mga lasenggo. Hindi sila makapaniwala. At nagkukumahog na makarating agad sa bahay at malaman ang lagay niya.

Nabalitaan ko rin ang ginawa ni Chairman Moon sa mga lasenggo. Sa galit niya ay ipinakulong niya ang mga ito, habang-buhay. Ngunit kakatwang binigyan niya ng pangkabuhayan ang naiwang pamilya.

"*Ye*?" abala sa pakikipag-usap si More habang nasa daan papalabas ng campus. **"What did you say?"** bigla ay nagtaas siya ng boses, nangangamba, nakakakaba. **"We'll be there!"** dagdag niya dahilan para maalerto ako. **"Heurt,"** nagtanguan sila nito.

"Is there something wrong?" tanong ko.

Ngunit sa halip na sagutin ako ay nagkatinginan ang mga Moon. Hindi nila maitatago ang pagbabago sa ekspresyon ng kanilang mukha. Nasisiguro kong may hindi magandang nangyari.

"You need to go back inside," bigla ay hinawakan ni Mokz ang balikat ko. Ang proteksyon niya ay na kina Chairman Moon at Lolo Dei Min.

"Why, what's going on?" usisa ko, kabado. Ngunit bago pa man sila nakasagot ay nagsipagtakbuhan na sina Heurt at More kasama ang guards palabas. Bigla ay nalito ako sa dapat kong gawin.

Damn it! Humabol ako kay More. **"What happened?"**

"Go back inside," nag-uutos, mariing aniya.

"Please tell me what's going on."

"I said go back inside!" sigaw niya. Dahilan upang matigilan ako. **"Nakikiusap ako. Itikom mo muna iyang bibig mo."**

Ngunit sa halip na matakot sa kaniya ay natuliro lalo ako. Wala sa sarili kong nilingon ang labas.

Si Taguro...nasa'n si Taguro?

Mabilis na nagkagulo sa tertiary campus. Nahabol ko ng tingin si Heurt na noon ay parang hangin na dumaan sa nagtatakbuhang mga guard at estudyante.

May nangyari ba kay Taguro?

Bumabaw ang paghinga ko ngunit sunod-sunod. At iyon ang tanging naririnig ko sa nagsasara kong pandinig. Kinabahan ako at napraning sa

posibleng nangyayari. Wala akong naisip kundi si Taguro.

"Faster!" sigaw ni Mokz sa mga tauhan, hirap sumiksik sa rumaragasang mga estudyante.

Nagmadali akong sumunod nang makalabas na ang lahat. At halos mapaatras ako nang bigla ay umalingawngaw ang nakabibinging pagsabog. Hindi ako makapaniwalang nangyayari iyon ngayon sa harapan ko. Hindi hamak na mas nakakatakot kompara sa nangyari kanina lang.

Mom... Mas nagmadali pa ako nang maisip ang pamilya ko.

"Deib Lohr!" pagtawag ni Maze ngunit hindi ko siya na siya nagawa pang lingunin. Sila ni Chairman Moon ang naiwan sa likuran ko.

"Son, you have to come with us, now!" sigaw na ani Chairman Moon. Ngunit hindi ako natinag, mas lumapit pa ako, natitigilan, hindi makapaniwala sa nakikita. **"You're not going anywhere, Deib Lohr!"** nauubusan ng pasensyang pagtawag niya.

"My family is in there, Chairman!" sigaw ko. Nakita ko pa nang ihilamos niya ang palad sa mukha, nagagalit dahil hindi ako mapasunod.

Noon ko lang naramdaman kung gaano kalaki ang parking lot na iyon. Pakiramdam ko ay hindi ko magawang lumapit kahit anong takbo ko.

Pigil ko ang hininga nang mapanood si Heurt na talunin ang harap nang paparating na itim na kotse. Sa isang iglap ay nahampas niya ng tubo ang rear window niyon.

Gano'n na lang ang panghihilakbot ng mga taong nagtatakbuhan palabas at papasok ng ospital, hindi na malaman kung saan pupunta. Hindi ko sila masisisi dahil tila gyera itong nasa harapan naming pare-pareho. Pakiramdam ko ay ito na ang katapusan.

Agad namang hinanap ng paningin ko si Taguro. **"Where's Maxpein?"** wala sa sariling bulalas ko, kabado. **"Nasa'n si Maxpein?"**

"Go back inside!" ani Mokz, prinoprotektahan pa rin ako.

"No," asik ko saka wala sariling lumapit kay Heurt. Nakita ko siyang magulat, narinig ko siyang magmura. Ngunit ang paningin ko ay hindi nahinto sa paghahanap.

"Deib Lohr! Come back here!" sigaw ni More, hindi ko siya nagawang pakinggan.

Nasa'n si Taguro? Kunot-noo kong iginala ang paningin, naghahanap sa iisang lugar nang paulit-ulit. Nang sandaling iyon ay hindi ko na maramdaman ang takot. Hindi ko na maramdaman ang nginig. Hindi ko na

iniinda ang kaba. Dahil ang tanging nangibabaw sa akin ay kakaibang pag-aalala. *Where are you, Maxpein? What happened to you?*

Agad akong natigilan nang sa wakas ay mamataan ko si Taguro. Napanood ko kung paano siyang sinipa ng lalaking nakaitim, hindi makita ang mukha dahil sa suot na helmet.

Sa lakas ay humampas si Taguro sa gulong nang nakahimpil na motor. Umarko ang likod niya sa sakit matapos niyon.

"Taguro!" Agad akong nilingon ng mga tao, maliban sa kaniya. **"Damn it!"**

Tumakbo ako papalapit sa gawi niya upang muli lamang matigilan. *Oh, shit!* Napanood ko nang ikasa ng lalaking iyon ang hawak na baril. *Baril...may baril!*

Agad akong humarang nang itutok nito iyon kay Taguro. **"No!"** sigaw ko.

"Deib..," natutulirong bulong ni Taguro.

"Oh, my god, no! Deib Lohr!" dinig kong tili ni *Noona*, hindi ko siya magawang lingunin. Ang paningin ko ay napako sa lalaking nasa aking harapan.

Inangat nito ang salamin ng helmet, nagtama ang aming paningin. Walang mabasa ni katiting na emosyon sa mga mata nito.

Who the hell are you?

Agad akong natigilan nang bigla ay ibaling nito ang baril sa akin. Rumagasa papalapit sa 'min ang kotseng tinalon kanina ni Heurt. Nangilabot ako nang bumaba ang tatlo pang lalaki mula ro'n at lumapit sa 'min. Pare-pareho ang kanilang mga suot, hindi nakikita ang mga mukha.

Hindi ko malaman ang gagawin. Nakikita ko ang galit sa mukha nina Heurt at Mokz, dahil hindi nila magawang lumapit. Natatakot sila sa pwedeng gawin ng mga kaharap namin ni Taguro.

Damn it! What should I do? Nagsisimula nang magwala ang sistema ko. Bigla kong naramdaman ang kaba, panginginig at takot. Hindi ko magawang alisin ang paningin sa kaharap ko.

"Isa kang Enrile," napalunok ako nang magsalita ang kaharap ko.

Sa iilang salitang sinabi nito ay napansin ko ang kalabuan nito ng pananalita. At batid kong hindi iyon dahil sa helmet. Kakaiba ang punto nito, matunog ang letrang "R". **"Sino ang mga ito?"** pormal nitong dagdag. Batid kong ang mga Moon ang tinutukoy nito.

Bigla ay nalito ako. *Sinugod nila ang mga Moon nang hindi nakikilala?* Hindi ko akalaing posible pa palang magtaka sa kabila nang nangyayari. 'Ayun na naman iyong pakiramdam na biglang huminto ang mundo. At tanging kaming dalawa ng lalaking ito ang naro'n.

Naramdaman ko ang pagkilos ni Taguro. **"Move away,"** nahihirapan aniya.

"Are you okay?" tanong ko nang hindi inaalis ang paningin sa kaharap. Marahan akong umatras, naramdaman ko ang kamay niya sa aking likuran.

"Masakit ang king ina!" bigla ay singhal niya, hindi ko malaman kung paanong tutugunan.

Nagyabang pa, bad trip!

Narinig ko nang mag-ring ang telepono nitong kaharap ko. Nagawa nitong kunin at sagutin iyon nang hindi inaalis ang atensyon sa akin. Hindi ko maintindihan kung bakit pakiramdam ko ay hindi ko maintindihan ang salita nito.

Mayamaya lang ay ibinaba nito ang linya at itinutok muli ang baril kay Taguro. **"Tatandaan ko ang mukhang iyan,"** banta niya saka umatras papalapit sa itim na kotse sa kaniyang likuran.

Ang baril nito ay pinipigilan kaming kumilos ni Taguro. Ngunit bago sumakay inasinta at pinaputukan nito ang gulong ni Randall, kung saan lulan ang pamilya ko. Matapos ay itinutok nito ang baril sa langit at saka nagpaputok ng tatlong beses. Nakita ko pa itong sumulyap sa amin bago tuluyang umalis.

"Don't follow them!" Sigaw ni Mokz ang pumigil sa pagkilos ni Heurt. **"*Sesanghe*!"**

Nahilamusan ni Mokz ang mukha. Natitigilan siyang tumitig sa dinaanan ng mga estranghero, saka natutulalang bumaling sa amin.

Gusto kong mainis nang mabasa ang panlulumo sa mukha ni Taguro. Mukhang nanghihinayang siya dahil hindi nakaganti ng sipa sa lalaki.

"Are you okay, babe?" tanong ko. Akma ko siyang hahawakan nang tapikin niya ang kamay ko. **"What?"**

"Bakit ba hindi ka na lang mapirmi sa iisang lugar?"

Napamaang ako. **"I was worried about you."**

"How about you, then?"

"How about you!" pagbabalik ko sa tanong, nakaturo sa kaniya. Hindi ko gusto ang timbre ng boses niya. Nagyayabang, nagmamalaki, nangunguwestiyon. Hindi siya nag-aalala, nagagalit siya.

Nangingiti siyang umiling, sarkastiko. **"You don't know what you're doing, Deib Lohr. You're only putting yourself in danger!"**

"Because I was worried about you!"

"You don't get it," asik niya, talagang galit. **"I don't need you there!"**

"Nakakainsulto ka na, alam mo ba 'yon?"

Umiling siya nang umiling. Nasapo niya ang noo, pilit humihinahon. **"Whatever. Let's stop talking about what's done. 'Wag mo 'kong simulan."** Pinagpagan niya ang sarili saka ako tinalikuran. **"What the hell were you doing, Randall?"** asik na naman niya.

Natigilan ito at walang nagawa kundi ang bumuntong-hininga. **"I got scared, I'm sorry. My family's with me."**

Aligagang lumingon si Taguro sa parking lot. Nakahinga lang siya nang maluwag nang makita ang kanilang Chairman. Saka siya lumapit sa kotse ni Randall at binuksan ang pinto sa likuran.

"Kailangan kayong ihatid ng mga tao namin,"aniya kay Chairman Enrile. **"Iyong suicidal lang ang pwedeng tumanggi. Kahit ngayon lang, Chairman Enrile."**

Pasiring na tinalikuran ni Taguro ang Chairman. Animong kaedad lang niya ang kausap, galit. Makapangyarihan ang mga salita niya at natinag niyon ang aming Chairman.

Tumango si Chairman Enrile saka nag-angat ng tingin. **"At sa susunod ay huwag na kayong makialam sa amin,"** mas makapangyarihan, nagmamalaki, walang-takot na sagot niya.

Chairman... Napailing ako, hindi makapaniwala.

Agad na kumilos si Mokz at kinausap ang kanilang mga tauhan. Tumulong ako na makalipat ang pamilya ko sa sasakyan ng mga Moon. Sina Randall naman ay ginamit ang kotse ko.

Noon pa lang nagsipagdatingan ang rumaragasang mga pulis. Agad silang kumilos at naghanap ng sugatan, pero walang nakita.

"Ano ang nangyari?" Nagkamali ng nilapitan ang hepe.

Kunot-noo, nakangiwi itong nilingon ni Taguro. **"Wala."** Saka niya ito tinalikuran upang bumaling sa 'kin. **"Sumabay ka na sa pamilya mo."**

"No, I'll stay here," pagmamatigas ko.

"Please take care of our son, Maxpein," dinig kong ani mommy. Hinalikan ko siya sa noo at pinanood na umalis. Inutusan ni More ang mga pulis na eskortan ang pamilya ko.

"Nakauwi na ba si Maxrill?" tanong ni Taguro.

"Pihadong naglalaro na iyon sa bahay kasama ang kaniyang bantay at mga tauhan," si Mokz ang sumagot.

"Paano ang homeworks niya?" angil ni Taguro.

Nasapo ko ang noo sa panlulumo. *Iyong kuya ay duty ang inintindi, hindi man lang lumabas ng ospital sa kabila nang malakas na pagsabog. Ang ate naman ay assignments ng kapatid ang iniisip matapos humampas sa gulong at matutukan ng baril.*

"Bakit hindi ka pa umuwi?" nagulat ako nang balingan ako ni Taguro.

"Nandito ka pa, eh," napapahiyang sagot ko. **"Galit ka ba?"**

Hindi nawala ang masamang tingin niya. **"Kailan ka ba masasanay sa 'kin?"**

Napailing ako. **"Nag-aalala lang naman ako sa 'yo, ano bang problema ro'n?"** mahinahon kong sinabi.

Tinapik ako nina More at Mokz sa balikat bago tuluyang lumayo. Maging si Heurt ay tinanguan ko matapos kong lingunin. Pakiramdam ko tuloy ay mahihirapan akong paamuhin si Taguro.

"Babe," sinubukan kong lumapit pero umatras siya. Napabuntong-hininga ako.

"Wala ka nang dapat na ipag-alala, umuwi ka na sana."

Lumalaylay ang mga balikat ko. 'Ayun na naman 'yong kirot sa dibdib ko na dulot ng masasakit na salita ni Taguro.

"This is who I am, Deib Lohr," itinuro niya ang sarili. **"Hindi ka pa rin ba sanay sa akin?"**

Napailing ako. **"Nag-alala ako dahil baka maulit 'yong nangyari no'ng napahamak ka. Baka tulad nang gabing 'yon, hindi mo magawang lumaban ngayon."**

"Deib, naiintindihan ko 'yong punto mo."Nahilamusan niya ang mukha. **"Pero ang punto ko, 'wag kang basta na lang sumunod sa 'kin. Ipinapahamak mo ang sarili mo."**

"Ano ba'ng masama ro'n, Taguro?"

"Mas nag-aalala ako kapag gano'n, alam mo 'yon, 'di ba?" aniya sa paraan na para bang paulit-ulit niya nang ipinaalala 'yon.

"But what about you?"

Bumuntong-hininga siya, nauubusan ng pasensya. **"Kaya ko ang sarili ko."**

"I know, and I trust you. Natakot lang talaga ako dahil baka maulit 'yon nangyari no'ng nakaraan."

Unti-unting sumama ang kaniyang tingin. Nagsawa agad siya sa umiikot naming usapan. Nagbaba ako ng tingin at nahilot ang sentido ko.

"Babe," mahinahon kong sinabi. **"Kahit ganito lang ako, kahit kulang ang kakayahan ko, gusto rin kitang proteksyunan."**

"Sa anong paraan?" padarag niyang sagot.

Natigilan ako at napatitig sa kaniya. Hindi ko alam kung paano niya akong nasasaktan sa ganoong simpleng tanong lang. Marahil ay dahil nagagawa niya nang kwestyunin ang kakayahan ko, bagay na hindi niya ginagawa noon.

"Sa paraang susulpot ka sa harap ko sa t'wing may ganoong klase ng engkwentro?" dagdag niya. **"Deib, ipapahamak mo lang ang sarili mo, pati na rin ako."**

Napailing ako. Sinubukan kong hawakan siya sa braso ngunit agad siyang lumayo. **"Taguro..."**

"At kapag napahamak ka, sa tingin mo ba ay makakikilos pa ako?" mariing aniya saka umiling. **"Hindi na."**

Natitigan ko siya. **"I'm sorry, babe."**

"Paulit-ulit na lang tayong nagtatalo sa t'wing may mangyayaring ganito, Deib," aniya sa nagsasawang tono. **"I already explained it to you and I'm expecting you to understand me. Pero hindi. Wala kang naintindihan."**

"Dahil hindi ko naman talaga maintindihan,"natutuliro nang sagot ko. **"Pakiramdam ko ay hindi pa rin kita kilala, Taguro. Why don't you tell me? Why is it so easy for you to risk your life in that kind of situation, Maxpein?"**

"Oh, come on," sumusukong aniya. Gusto kong mainis.

"Mag-iisang taon na kitang girlfriend," ngunit naalala ko ang sandaling nawala siya. Pumakla ang mukha ko. **"Well, maliban no'ng mga panahong wala ka,"** wala sa sariling sambit ko.

Naging matunog ang pagbuntong-hininga niya. **"Lumalayo ka sa usapan,"** lumalabas na ang natural niyang angas, handa nang mandarag.

"Sa tingin ko ay hindi pa tayo pwedeng mag-celebrate ng anniversary," sarkastiko kong sinabi. Nangunot ang noo niya. **"Dahil sa tagal nang panahong nawala ka, naging girlfriend kita sa maikling panahon."**

"Ikaw pa rin naman ang mahal ko no'ng mga panahong wala ako, anong problema mo?" seryosong aniya, galit na.

Natigilan ako at napamaang. *Tch. Paano niya ba nagagawang baguhin ang nararamdaman ko nang gano'n kabilis, sa ganitong sitwasyon? Tsk.*

Gusto kong mangiti ngunit agad kong pinigilan 'yon. **"Don't change the topic, Maxpein,"** kunot-noong sabi ko. **"Sagutin mo ang tanong ko."**

"Nasagot ko na 'yan."

"Wala akong matandaan. Bakit gano'n na lang kalakas ang loob mong sumugod sa gano'n kadelikadong sitwasyon? Sa gano'n kadelikadong mga tao?"

"Dahil nasanay ako sa gano'n," sagot niya, hindi nawawala ang talas ng tingin sa aking mata.

"Bakit at paano kang nasanay?"

"Saan patungo ang usapang ito, Sensui?"

"Sa kung saan mas makikilala kita, Taguro."

"Kung ano ang nalalaman mo sa 'kin ay sapat na iyon. Wala na akong dapat pang ipaliwanag sa 'yo." Ubos na ang kaniyang pasensya.

Akma niya akong tatalikuran nang pigilan ko siya. **"Anong klase ng tao ang pamilya ninyo?"**

Kumunot ang noo niya at animong nagliyab ang mga mata. **"Ulitin mo nga ang tanong mo?"**

Kinabahan ako. **"Anong klase ng tao ang pamilya ninyo?"** nag-aalangan nang pag-uulit ko. Agad akong nagsisi dahil mas pinag-alab niyon ang galit sa mga mata niya. **"Babe,"** hinawakan ko siya sa braso. **"Please, don't get me wrong, I just want to clarify things—"**

"No," asik niya saka binawi ang sariling braso. **"You're not clarifying, you're judging my family, Deib Lohr."** Nagtiim ang bagang niya. **"Wala kang karapatang kwestyunin kung anong uri ng pamilya meron ako. Dahil hindi ko 'yan ginawa sa 'yo."**

"Babe..."

"Wala akong kailangang ipaliwanag lalo na kung may kinalaman ang pamilya ko. Uulitin ko, hindi lahat ng bagay ay kailangang alam mo, Deib."

Pakiramdam ko ay nanliit ako sa pagkapahiya. Naramdaman kong sumobra ako. **"I'm sorry, hindi ganiyan ang ibig kong sabihin."**

"Just shut up," mahinahon nang aniya ngunit mahihimigan ang pagbabanta.

"Babe, I'm sorry," muli akong sumubok na lumapit, at muli ring nabigo.

"I hope this is the last time that I will tell you this,"bumuntong-hininga siya. **"Huwag kang lalapit sa 'kin kapag alam mong delikado, kahit pa may bangas ako, o ano. Dahil hindi ka lalo makakatulong."** Iyon lang at tinalikuran niya ako.

Bakit ba pakiramdam ko ay idinidiin mo sa 'kin na mahina ako? **"Taguro..."** Hindi ko na siya nagawang habulin. *Sagot ang inaasahan ko at hindi ang ganitong pag-iwas mo, Taguro.*

Nanlulumo ko siyang nasundan ng tingin. Nag-aalala ako sa galit niya. Pero hindi ako nagsisisi sa tanong ko, gusto kong malaman ang sagot no'n. At hindi ko makukuha 'yon kung mananahimik lang ako. Pero mukhang na-offend ko siya.

Ilang saglit pa bago ako nagdesisyong sumunod. Iyon na yata ang pinakahamahabang araw sa buwan na 'yon. Maliwanag pa pero napakarami nang nangyari.

Halos punuin ng estudyante ang quadrangle nang makapasok ako. Nasa harapan si lolo at ipinaliliwanag sa mga ito ang pangyayari. Nagsabi siya nang totoo sa mga estudyante, hindi niya alam ang posibleng dahilan ng pangyayari. At hinihingi niya ang tiwala ng lahat para sa kanilang kaligtasan.

"Magkakaroon tayo ng paghihigpit, at sana ay maintindihan ninyo iyon. Ako at ang aking pamilya, gayon na rin ang buong pamahalaan ng BIS, ay humihingi nang paumanhin at patawad sa hindi inaasahang insidente," nakikiusap na ani Lolo Dei Min.

Hindi mahinto sa pag-iyak ang ilan, ang karamihan ay nananatili ang bulungan. Mukhang hindi magiging madali ito. Ngayon pa lang ay mukhang alanganing magtiwala ang mga estudyante dahil sa nangyari. Nakapanlulumo.

Pero sa kabila no'n ay si Taguro ang hanap ko. Pilit ko siyang hinanap sa dagat ng tao pero nabigo ako.

Tsk. Nasaan na siya? Bakit ba napakabilis niya laging kumilos?

"Deib! Are you okay?" bakas ang pag-aalala ni Parrot nang malapitan ko, gano'n na rin ang mga kaibigan nila.

"Yeah," sinipat ko sila ng tingin. **"I hope you're all fine."** Nakipagtanguan ako kina Lee at Tob. **"Have you seen Maxpein?"**

"She's with her family," hindi mawala ang takot ni Parrot. **"Ano ba kasi ang nangyari?"**

"It's a long story," umiiling kong sinabi.

Kahit na ang totoo ay hindi ko alam kung paanong magkukwento. Paniguradong hindi ko sila makokontento. Hindi ko naman masasagot ang mga tanong nila.

Dumeretso ako sa office ni lolo. Nasisiguro kong nandoon si Taguro at pamilya niya. Hindi ako mapakali, nasisiguro kong lalo siyang magagalit dahil sa kakulitan ko. Pero hindi ako matatahimik kung galit siya sa 'kin.

Wala na akong plano na tanungin pa siya ulit tungkol sa napagtalunan namin. Pero ang isip ko ay hindi matigil sa paggalugad sa posibleng dahilan niya.

Bakit kaya galit siya sa tanong ko? Tch.

Abala sa pag-uusap ang mga Moon nang datnan ko. Gusto kong magulat nang makita si Maxwell doon at ginagamot na ang ilang sugat nina Taguro at Heurt.

"Are you okay?" bungad ni Mokz. Tumango ako.

Nilingon ko si Taguro. Prente ang pagkakaupo niya sa sofa. Nakasandal ang batok at nakatingala sa kisame. Batid kong alam niyang naro'n ako, pero pinili niyang hindi ako pansinin.

"I think it's better if you go home, Deib Lohr," ani Mokz. **"It's not yet safe here. Posibleng bumalik ang mga iyon. Kailangan mo ring manatili sa tabi ng pamilya mo."** Napabuntong-hininga ako. **"Inaasahan kong makatutulong ka na rin sa kanila,"** makahulugan ang ngiti niya.

Batid kong iyong itinuro niya sa akin ang kaniyang tinutukoy. Napabuntong-hininga ako at nag-iwas ng tingin. Gusto kong mapahiya. Dahil ni isa sa mga itinuro niya ay hindi ko man lang nagamit ngayon. At inaasahan pa niyang may maitutulong 'yon sa pamilya ko.

"Pwede mo bang sabihin sa 'kin kung ano ang nangyayari?" nakikiusap kong bulong. **"I'm confused about what's going on, Mokz."**

Inakbayan niya ako. **"Sa tingin ko ay ang Chairman ninyo ang makasasagot sa tanong mong iyan, *hijo*. Wala kaming nalalamang dahilan kung bakit ito nangyayari. Wala rin kaming nalalaman na pinagmulan."**

"Maigi siguro muna kung mababantayan natin ang mga Enrile," suhestiyon ni Maze, kausap si More.

"Hindi na kailangan." Si Taguro ang sumagot, nasa kisame pa rin ang paningin. **"Ayaw ni Chairman Enrile na ginagawa natin ito para sa kanila."**

"Maxpein," naninita ang tinig ni Maze. **"We have no idea who these people are, you need to be patient. Just because the Chairman reacted that way, doesn't mean you will listen to him. Most especially if you have ways to help them."**

"No," nagmatigas si Taguro. **"Ang kailangan nating tutukan ay kung paanong napasok ang teritoryo natin. Bukod do'n ay wala na tayong ibang kailangang pakialaman."** Basta niya na lang hinigit ang braso mula sa kapatid, hindi na nag-abalang pabendahan ang sugat.

Natahimik ang lahat. Tila ba nagpapakiramdaman. Nabasag lang 'yon nang pumasok si Lolo Dei Min. **"*Sesanghe,*"** sapo niya ang ulo. **"Nag-aalala ako sa maaaring kahinatnan nito. Natatakot ako para sa mga estudyante. Nadadamay ang mga walang kamuang-muang sa mga bagay na dapat ay pamilya ko lamang ang nasasangkot. Kasisimula pa lamang ng pasukan at ganito na ang sumalubong sa kanila. Paano na lamang ang kaligtasan ng mga bata?"** nag-aalalang aniya.

"Huminahon ka," ani Chairman Moon.

"Nakausap ko ang Chairman at gusto niyang isuspinde ang klase at simulan na lamang muli sa susunod na linggo." Nilingon ni lolo si Reycie. **"Naitawag mo na ba sa DepEd?"**

"Yes, dean." Lumapit si Reycie at may iniabot na papel.

Napapabuntong-hininga kong nilingon si Taguro. Hindi pa rin talaga siya tumitingin sa akin. Nakatuon lang ang paningin niya sa sugat ni Heurt na ginagamot ni Maxwell. 'Ayun na naman 'yong blanko niyang mukha, galit talaga.

Gusto kong ihiga ang buong katawan ko at ipahinga ang utak ko. Pati kami ni Taguro ay naaapektuhan sa mga hindi inaasahang bagay.

Natinag ako nang magsipagtayuan ang mga Moon at magpaalam. Sandali silang nakipagpaalaman kay lolo bago tuluyang lumabas ng opisina.

"Babe," habol ko. **"Let's talk, please."**

Bumuga siya ng hangin, inis pa rin. **"I've got a lot of things to do. I think it's better if you go home first."**

Gusto ko na namang manlumo. Napakamakasarili ko nang isipin kong sasabayan niya ako.

"Kahit five minutes lang," muling pakiusap ko.

"I'm not in the mood to talk, Deib."

"Are you mad at me?"

"No." 'Yon ang sagot niya pero ang tono at hitsura niya ay hindi tugma ro'n. **"Pero hindi rin ako natutuwa sa mga sinabi at ginawa mo kanina. Alam mo na 'yon."**

"Hindi ako aalis hangga't ganiyan ka."

"'Wag ka nang mapilit kung ayaw mong mas magalit ako."

"Babe?"

"Please."

"Sorry na."

"Isang pakiusap ko pa, tatablahin na kita." Batid kong seryoso siya sa banta niya.

Galit talaga siya. Tsk. Ano ba'ng ginawa ko? **"Okay,"**ngumuso ako. **"Diyan ka naman magaling. Ang umiwas kapag may ganitong problema. Ang umalis at solusyonang lahat nang mag-isa,"** bulong ko.

"Okay," aniya saka tinalikuran ako. Hindi ko inaasahang magtutuloy-tuloy siya kasabay ng kaniyang pamilya. Hindi na niya ako nilingon pa.

Napapikit ako sa inis. **"Let's go home, Deib Lohr."**At nagmulat lang sa tinig ni lolo.

Pakiramdam ko ay nawala ako sa sarili. Wala akong marinig sa mga sinasabi ni lolo pero nagagawa kong sumunod. Siya ang naghatid sa akin pauwi.

Sangkatutak na pulis ang dinatnan namin nang makauwi. Mukhang nangunguha ng impormasyon kina daddy at Chairman ang mga ito. Pero wala ro'n ang interes ko, sinakop na naman ni Taguro ang katinuan ko at huwisyo.

Maghapon akong nag-iisip ng mga anong, emosyonal at tensyonado. Ang atensyon ko ay napukol sa cellphone, naghihintay kay Taguro. Maging nang hapunan ay wala akong imik. Bagaman naririnig ko ang usapan nila tungkol sa nangyari.

Ngunit gabi na ay hindi pa rin siya nagpaparamdam. Pakiramdam ko tuloy ay gano'n na lang katindi ang galit niya sa 'kin.

Tuloy ako ang hindi nakatiis, tinawagan ko siya. **"Oh?"** sagot niya.

"Babe, 'wag ka namang ganito sa 'kin?" pilit ang ngiti kong sambit.

"Inaano na naman ba kita?"

"Galit ka sa'kin, eh," tugon ko. Bumuntong-hininga lang siya. **"Hindi ka tumawag o nag-text man lang, nag-aalala ako sa 'yo."**

"Alam mong umuwi ako. Tss. Besides, kaya ko ang sarili ko," malamig niyang sinabi.

"Taguro naman?" nanlulumong sambit ko. Naninikip ang dibdib ko sa malamig niyang pakikitungo.

Sandaling nangibabaw ang katahimikan. Tumitindi ang lungkot ko. Ngunit batid ko ang pagkakamali ko.

"Pwede bang," sa wakas ay nagsalita siya. **"Pwede mo ba akong bigyan ng mga ilang araw para makapag-isip?"**

Natigilan ako, panay lang ang kurap at lunok. May kung anong umalon-alon sa dibdib ko. Pilit kong inulit-ulit sa isip ang sinabi niya.

"Kaunting panahon lang," patuloy niya. **"Ayoko ng ingay. Hindi ko kailangan ng ingay. I hope you understand."**

"Iiwan mo na naman ba ako?" seryoso kong tanong.

Sandaling natahimik ang linya niya. **"Hindi,"** kaswal niyang sinabi, napakadali. Ako naman ang natahimik. **"Hindi ako aalis. Pero kailangan ko ng panahon para sa sarili ko."**

"May panahon ka naman para sa sarili mo kahit tayo, Taguro," mahina kong sinabi, sapo ang sariling noo.

"Iyong ako lang, Deib," mahina ngunit may diin niyang sagot. **"Kailangan kong makapag-isip."**

Napailing ako. **"Makakapag-isip ka naman kahit nandito ako, Taguro,"** sinikap kong huwag mautal.

"Pero mas makapag-iisip ako kung wala ka."

Hindi ako nakapagsalita. 'Ayun na naman 'yong masakit na pakiramdam. Nailayo ko ang telepono. Tahimik akong bumuga ng hininga sa nakakuyom kong kamao.

Alam ko ang hinihingi niya. Inilalayo niya ang sarili, at nasasaktan ako no'n. Hindi ko alam ang sasabihin. Matindi ang pagpoprotesta ng dibdib ko, gusto kong tumanggi.

"Hindi pwede, Taguro," natakpan ko ang aking mga mata at pumikit. **"Hindi ko kaya,"** pabulong kong sinabi.

"Kaya mo. Kayanin mo," mariin niyang sinabi. **"Dahil kailangan ko talaga ito ngayon. Pakiusap iyan at hindi utos, Deib Lohr."**

"Hindi mo na ba ako mahal?" bigla na lang 'yong lumabas sa bibig ko, emosyonal masyado.

"King inang 'yan," napakahina ngunit dinig kong usal niya. Para iyong patalim na gumawa ng sugat sa puso ko. **"Mga ilang araw lang 'to, Deib, sandaling panahon lang,"** pilit niyang itinago ang inis sa tono ngunit nabigo siya. **"Kung hindi mo talaga maintindihan, sige, tsaka na lang**

ako magpapaliwanag. Sa ngayon, wala ka munang maririnig mula sa 'kin."

Nagtiim ang bagang ko. Pilit kong nilabanan ang nakapanghihinang sakit sa dibdib ko.

May dahilan ba para maramdaman ko 'to? Nasasaktan ako. At nakadaragdag sa sakit ang lungkot na dala ng sinasabi niya. Iyon lang ang alam ko.

"Mahal mo naman ako, 'di ba?" umaasang tanong ko.

"Mahal na mahal kita, higit sa pagmamahal na naipaparamdam ko," tugon niya. Pero hindi tulad ng dati, hindi niyon nagawang burahin ang nararamdaman ko. **"Isip mo ang kailangan ko ngayon, Deib. I need you to understand me. I'm expecting you to understand me."**

"Walang magbabago sa 'tin, 'di ba?"

Tanging buntong-hininga ang isinagot niya. Tuloy pakiramdam ko ay ubos na ubos na ang kaniyang pasensya.

Naisubsob ko ang mukha sa palad ko. **"Pasensya na kung nadamay ka pa sa gulo namin, babe,"** nakapikit kong sinabi.

"Ang ginagawa ko ay walang kinalaman sa gulo ninyo," nagmamatigas niyang sabi. **"Lahat ng kilos ko ay para sa aming teritoryo. Iyon lang."**

"Mahal na mahal kita, Taguro."

"Kailangan ko nang ibaba ang linya. Marami pa akong gagawin."

Napapailing ako. *Ayaw kong isiping itinataboy mo ako. Ayoko.* Tumangu-tango ako at pilit na ngumiti. **"Ingatan mo ang sarili mo. Hihintayin kita, Maxpein."** Ako ang nasaktan sa mga huling sinabi ko.

"Ingat, salamat," walang emosyong tugon niya tsaka pinutol ang linya.

Napatitig ako sa screen ng cellphone. Wala na ang pangalan ni Taguro. Panay ang kurap ko upang mapigilan maski ang pamamasa ng aking mga mata.

It hurts, Maxpein. Hinihiling mo lang naman ay kaunting panahon, bakit nagagawa akong saktan no'n?

Parang bumagsak ang lahat sa 'kin. Nahiga ako at pilit na hinimay ang mga sinabi ni Taguro. Umaasa akong maiintindihan ko pangangailangan niya nang hindi ako nasasaktan. Pero nabigo ako. Nagulat na lang ako nang bagaman nakatulala ay tumulo ang mga luha ko.

'Mahal niya ako. Mahal na mahal. Nang higit pa sa naipaparamdam niya sa 'kin.

Paulit-ulit ko 'yong sinabi sa isip. Namalayan ko na lang ay basa na 'ko ng luha. Pakiramdam ko ay noon ko lang ulit nakatulugan ang pag-iyak.

DUMAAN ang magkakasunod na araw. Lumipas ang buong linggo nang hindi ko nakikita si Taguro. Wala akong naririnig, ni balita man lang sa kaniya. Kung paano niya akong natitiis, gusto kong malaman.

Pakiramdam ko ay nanghihina ako. At lumalakas lang sa t'wing maiisip kong makikita ko na siya matapos ang dalawang araw. Iyon na lang ang inspirasyong ginagamit ko para ganahang mag-aral.

Dalawang araw na lang, Deib. I know you can do it.

Gaya nang mga nakaraang araw ay umalis ako nang hindi nag-aagahan. Nag-aalala na ang pamilya ko. Pero dahil alam nila ang pinagdaraanan ko kay Taguro, hindi na sila nangialam pa. Ang paalala ay naro'n pero marunong silang dumistansya.

Araw-araw ay kinukuwestiyon ko kung paanong natatagalan ni Taguro na hindi ako kausapin. Tumagal siya nang hindi man lang nagte-text. Samantalang ako ay tila naghihingalo na. Kung nakamamatay lang ang pagpipigil na mai-text siya, baka ilibing na ako ngayon.

Napakahirap pero wala akong magawa. Kailangan kong irespeto ang kaniyang gusto, lalo pa't hiningi niya iyon nang maayos.

Gaya rin nang mga nakaraang araw, galit ang mga nakakasabay ko sa kalsada. Paano'y maging sa pagmamaneho, wala ako sa sarili. Nararating ko ang school nang hindi namamalayan.

"Hi, Lohr," tinig ni Eerah Anitha. **"I missed you so much!"**

Hindi na ako nag-aksaya ng sandali upang tingalain siya. Napabuntong-hininga na lang ako, pinipigilan ang sariling silaban ang katawan niya ngayon. Maski ang magalit ay hindi ko makuha, para akong nanghihina.

Ngunit ang panghihinang iyon ay awtomatikong napalitan ng lakas nang bigla ay mag-ring ang cellphone ko.

"Taguro?" sagot ko nang hindi iyon tinitingnan.

"Here!" ani Eerah Anitha. Inis akong nag-angat ng tingin. **"Gotcha! Yes, yes, yes, Deib Lohr Enrile! I got your fabolous number!"**

"What the hell?"

"I can take you to heaven if you're tired in hell." Kinindatan niya ako. **"Oh, please don't get mad? Please?"** nang-aasar niya pang sinabi matapos ko siyang pagkunutan ng noo. **"Don't be—"**

Hindi niya na nagawang tapusin ang sasabihin nang hilahin ko ang kaniyang kwelyo. **"I warned you not to fuck with me but you didn't**

listen. I told you to leave me the fuck alone!"

"Mister Enrile?" pasigaw na tawag ng propesor.

Pabato kong binitiwan si Eerah Anitha. Ngunit hindi ko nagawang alisin agad ang masamang tingin sa kaniya. Kung hindi dumating ang propesor ay paniguradong higit pa ro'n ang nagawa ko.

"What is going on here?" lumapit sa 'min ang propesor.

"Buburahin mo ang number ko, o buburahin ko 'yang mukha mo? You choose," tiim-bagang kong bulong, nanggigigil. Walang naisagot si Eerah Anitha. Tumitig siya sa akin nang may takot bago ako tinalikuran.

Sinira na ni Eerah Anitha ang buong araw ko. Kahit anong pilit ko ay hindi maagaw ng discussions ang interes ko. Bagaman nasa mga propesor ko ang paningin ay naglalayag ang isip ko.

Tinawagan ko sina Lee at Tob nang mag-lunch break. Pero pareho silang may klase. Tuloy ay mag-isa akong pumunta sa mall para kumain at magpalipas ng oras.

Pabalik na sana ako sa school nang muling mag-ring ang cellphone. Wala pa man ay nag-iinit na ang ulo ko. Imposible talagang tumawag si Taguro.

Sinagot ko iyon. **"Naalala mo na ba kung saan mo ako unang nakita, Deib Lohr Enrile?"** agad na ani Eerah Anitha.

Kunot-noo akong natigilan. Ang mga mata ko ay awtomatikong nagmasid sa paligid. At gano'n na lang ang gulat ko nang matanawan si Eerah Anitha. Deretso siyang nakatingin sa akin, nakaupo at nagkakape malapit sa parking space ko.

Hindi ko siya sinagot. Basta ko na lang ibinaba ang linya. Saka ako dumeretso sa kotse.

Ngunit bago pa man ako makasakay ay umalingawngaw na naman ang boses niya. Sumisigaw na.

"Let go of me, you son of a bitch!" tili pa niya. Gusto kong malito kung paanong sa isang iglap ay nasa gano'n na siyang sitwasyon.

Kunot-noo ko silang sinilip. Hindi maganda ang sitwasyon niya. May dalawang lalaki na nakahawak sa braso niya. Habang ang isa pang kasama ng mga ito ay matapang at ngingisi-ngising tinatanggap ang mga sipa ni Eerah Anitha.

"Help me!" nakaririnding tili niya.

Napabuntong-hininga ako saka bumaling sa gawi nila. **"Hey! Let her go,"** malamyang utos.

Nginisihan ako ng tatlo. Nakakaloko ang mga ngisi nila habang sabik na hinahaplos ang legs ni Eerah Anitha. Napapikit ako sa alaalang sinapit ni Taguro sa kamay ng mga lasenggo. Bigla ay nag-init ang ulo ko.

Sinugod ko ang mga ito at basta na lang hinila. Walang-awa kong pinagsasapak ang tatlo ngunit hindi ako makontento. Pakiramdam ko ay harap-harapan kong nakikita ang mga lasenggong tumarantado kay Taguro.

"Tama na!" sigaw ni Eerah Anitha. **"Mapapatay mo sila."**

Sa halip na pakinggan ay sinamaan ko rin siya ng tingin. Napaatras siya nang bawiin ko ang braso kong hawak niya. Napamaang siya, tuliro at animong nalilito kung bakit galit pa rin ako matapos siyang tulungan. Tumitig siya sa 'kin na animong may napagtantong bagay na siya lang ang nakaaalam.

Nilingon ko ang tatlong lalaki. **"Alis!"** singhal ko. Nagsipagtakbuhan ang mga ito.

"Oh, my god," tila nawala sa sarili si Eerah Anitha. Nakakasuya ang arte niya. **"Thank you, Dei—"**

"Don't touch me," agad na banta ko.

"Thank you so much," emosyonal niyang sinabi, bakas ang takot.

Basta ko na lang siya tinalikuran at iniwan sa lugar na 'yon.

I want to see you so bad, babe. I'm begging you, tapusin mo na 'tong nararamdaman ko. Makipagkita ka na sa 'kin.

Wala na yatang lulungkot pa sa 'kin. Ang nararamdaman ko nagiging resulta ng mga kilos ko. Pati ang pag-aaral ko ay apektado. Gayunman, alam kong may pagkakamali rin ako dahil hinahayaan ko.

But I can't help it. Siya lang ang laman ng isip ko. May sandali pa ngang pinagsasalikop ko ang parehong kamay at pinaniniwala ang sariling sa kaniya ang isa ro'n.

Pilit kong kinalilimutan kung bakit humantong kami sa ganito. Sa simpleng pagtatanong ko ay nangyari ito. Nahihirapan ako pero kailangan kong kayanin, lalo siyang magagalit. Hinihiling kong sana ay matagalan ko rin nang gano'n kadali.

Napakahirap, Taguro.

Pinigilan ko ang pamamasa ng mga mata ko, nabigo ako. Pasimple kong pinunasan 'yon. Ngunit nang magmulat ako ay 'ayun na naman si Eerah Anitha sa harap ko.

"You look so tired and unwell, what happened?" nag-aalalang tanong niya. Gusto kong matawa sa asar. Hindi ko siya sinagot. **"Would you mind**

if I join you?"

"Yes." Sinamaan ko siya ng tingin. **"Leave me alone."**

"Please? Hindi kita kukulitin, I swear."

"I don't need you. Besides, I hate seeing you."

"Please?" she begged. **"Promise, titigilan ko na,"**sinserong aniya. Hindi ko makuhang maniwala. **"I can't believe you did that,"** dagdag niya, nasa kawalan ang paningin. **"I didn't expect you to help me after all the headaches I've given you. Thank you."**

"Whatever. Just leave me alone," nakikisuyo, nauumay na sagot ko.

Kahit gaano yata kalalim ang sinseridad niya ay hindi niyon mahigitan ang inis ko. Hindi ko mahanap ang pakialam ko sa kaniya.

"Do you have a problem?" nag-aalala niyang tanong.

Kung titingnan ay nawala bigla ang nakakaasar niyang landi. Pero hindi ko magawang sakyan ang sinseridad niya. Bagaman ganito ang kaniyang sinasabi ay lalo lang akong naaasar.

"I have noticed that you've been very quiet lately. You seem so sad. What's wrong?"

Lalong nangunot ang noo ko. **"Akala ko ba ay hindi ka na mangungulit?"**

Napapahiya niyang nakagat ang labi. **"I'm sorry."**

"Delete my number and never call me again."

"Nag-away siguro kayo ng girlfriend mo, 'no? Was it because of me?" malungkot niyang tanong.

"Wala kang pakialam."

"She's so lucky," nakangiti, sinserong aniya saka ako tinalikuran.

Nasundan ko siya ng tingin saka ako napailing. *Sana ay ganiyan din ang naiisip niya sa 'kin.*

WALANG paglagyan ang saya ko nang dumating ang araw ng Biyernes. Maaga akong bumangon at naghanda. Hindi ako sumabay sa agahan, si Taguro ang sasabayan ko. Ngayong araw ang pagtatapos ng paghihirap at pagtitiis kong makita siya.

"Finally," masaya akong sinalubong ng yakap ni mommy. **"Nakangiti na ulit ang baby ko. Kiss kay mommy, baby!"**

"Tch," nakasimangot kong inilapit ang pisngi ko. **"I gotta go, mom. Sabay kaming magbe-breakfast ni Maxpein. I love you."** Nakangiti akong nagpaalam sa lahat saka nagmaneho papasok.

Dumeretso ako sa social hall. Malayo pa lang ay dinig ko na ang sounds. Tuloy ay lumawak nang lumawak ang pagkakangiti ko.

Hindi ko alam na posible palang ngumiti nang ganito kalaki, Taguro! Hehe!

Wala nang paglagyan ang ngiti ko nang tuluyan akong makalapit. Kung pwede ko lang isigaw ang pangalan niya ay ginawa ko na. Ngunit ayaw ko siyang mapahiya sa mga kasamahan.

Nakatalikod sila sa gawi ko, patuloy sa pag-eensayo ng sayaw. Nakangiti kong pinanood ang bawat kilos ni Taguro. 'Ayun na naman 'yong masarap na pakiramdam sa dibdib ko, sobrang paghanga sa kaniyang talento.

Ngunit ang ngiting 'yon ay unti-unting nawala matapos nilang humarap sa gawi ko.

'Wag niya sabihing dance troupe din 'yan?

Kunot-noo kong pinanood ang mga kilos ni Lovemir. Na noon ay walang kabuhay-buhay na nagpapapadyak at nagtatatalon sa tabi ni Taguro. Hindi ko alam kung napansin ako nito. Sa tagal kong naro'n ay hindi man lang ito nag-abalang sulyapan ako.

Nilingon ko si Taguro. Ngunit nalunod yata siya sa sariling damdamin habang sumasayaw. Kagat niya ang labi, napapapikit at bigay na bigay sa paggalaw, animong may sariling mundo.

Nang matapos ay agad niyang kinuha ang gamit upang lumapit sa 'kin. **"Good morning, babe,"** pilit ang ngiting bati ko.

"Napadaan ka?" kaswal niyang tugon.

Pinandilatan ko siya. **"Biyernes na ngayon, babe."**

Inosente siyang tumingin sa 'kin habang pinupunasan ang sariling pawis. Kinuha ko ang sariling bimpo at tinulungan siya.

"'Di ba ngayon tayo magkikita?" dagdag ko matapos kunin ang bag niya.

"May usapan ba tayo?" nalilito niyang tugon.

"Babe..."

Bumuntong-hininga siya saka nagpaalam sa mga kasama. Nanguna siyang lumabas ng hall.

"Kumain ka na ba?" tanong ko. Hindi siya sumagot. **"Let's eat breakfast together, babe."**

"Sige," tugon niya saka sumabay sa 'kin. Tahimik lang siya, panay naman ang pagsimangot ko.

"Ayaw mo ba akong makita?" hindi ko napigilan ang sarili. Bagaman masakit para sa 'kin na alamin 'yon.

"Bakit naisip mo 'yan?" inosenteng tugon niya. Hindi no'n magawang suyuin ang nagtatampo kong damdamin.

*Pakiramdam ko ay ayaw mo akong makita, Taguro.*Hindi ko naisatinig ang laman ng isip ko. **"Where do you want to eat?"** Iniba ko ang usapan.

"Diyan na lang sa harap. Magsisimula na rin ang klase ko."

Nanguna siya, napapabuntong-hininga naman akong sumunod. Um-order lang ako at mabilis na naupo sa harap niya.

"How are you?" kaswal niyang tanong, patuloy sa pagpupunas ng pawis.

Gusto kong manibago. Matagal na sa 'kin ang isang linggong hindi kami nagkita. Pero sa paraan nang pakikitungo niya ngayon ay para bang isang dekada iyon. Napakalamig ng kaniyang pakikitungo. Hindi ko tuloy maiwasang isipin na naabala at nasira ko na naman ang panahon na hinihingi niya.

Hinawakan ko ang kamay niya. **"I'm not fine,"** pilit kong itinago ang lungkot, bigo ako. **"I miss you so much. But I'm happy that you're with me right now."**

Sandali rin siyang natigilan. **"Na-miss din kita, sobra."**

Gano'n kadali niyang binuhay ang pagiging emosyonal ko. Namasa ang mga mata ko. Pero agad ko rin 'yong pinalitan ng ngiti. Ayaw kong magmukhang kakatwa sa kaniya.

Batid kong marami akong katangian na hindi nakasanayang makita sa isang lalaki. Pilit kong inaalis ang mga iyon sa personalidad ko, kahit pa iyon talaga ang nararamdaman ko. Sinabi ko sa sariling iiwasan ko nang maging emosyonal. Pakiramdam ko ay iyon ang nakikita niyang dahilan kaya mahina ako.

"Okay ka na ba ngayon, babe? I mean, are you done with your priorities?" pinilit kong ngumiti. Napatitig siya sa akin saka tumango. **"Bukas na 'yong party, ako pa rin naman ang partner mo, hindi ba?"**

"Of course," tumango siya. **"Hindi naman magbabago 'yon kahit pa magbago ang isip mo. Ikaw ang gusto kong makasama sa lahat ng klase ng okasyon,"** sinserong tugon niya.

Napangiti ako. Iba pa rin talaga ang epekto sa 'kin ng mga banat niya. Tumayo ako upang lumapit at yumakap sa kaniya. Hindi niya inaasahan.

"Ano ba?" natatawang angil niya.

"Babe," mas humigpit ang yakap ko.

Inilayo niya ang sarili saka tumingin sa 'kin. Hinaplos niya ang pisngi ko, lalo ko namang isinubsob do'n ang mukha ko. Nang hindi siya magsalita ay sumandal ako sa balikat niya.

"Lumayo ka sa 'kin dahil pawis pa ako."

"Ayoko, dito lang ako," nakangusong tugon ko, lalong isinusubsob sa kaniya ang mukha. **"Akala ko galit ka sa 'kin. Hindi ka man lang nagte-text, babe,"** halos pabulong na maktol ko. **"Natatakot ako, kasi baka pagbalik mo, hindi mo na ako mahal."**

"Bakit mo naman naisip 'yon?"

"Bigla ka kasing umiwas, nag-alala ako."

"Sinabi ko naman kung bakit ko kailangang gawin 'yon, 'di ba?"

"Hindi ako sanay, Taguro." Nag-iwas ako ng tingin. **"Ngayon ka lang nagalit nang gano'n sa 'kin. Ngayon ka lang humingi ng distansya sa 'kin."**

Tila nakonsensya siya. **"Mahal na mahal kita, Deib,"**emosyonal niyang sinabi sa pinakamalambing niyang paraan. Parang hinaplos ang puso ko.

Gano'n kadali niyang nabura ang lahat ng negatibong iniisip ko. Pati ang positibo ay hindi ko magawang maisip. Pakiramdam ko, ang tanging alam ko ay mahal ko siya at mahal niya ako.

Magsasalita na sana ako nang bigla ay halikan niya ako. Napamaang ako at napatitig sa kaniya. Hindi ko napigilan ang mapangiti.

"I was not expecting for a kiss," nagugulat kong sabi, nakangisi. **"In this kind of public place."**

"Marami akong kayang gawin na hindi mo inaasahan," nakangisi, nagyayabang niyang tugon. Panakaw niya ulit akong hinalikan.

"Hindi mo sinabing kasama mo sa dance troupe ang lalaking 'yon, babe," mayamaya ay sabi ko.

"Sino?"

"'Yong baduy."

"Baduy?" nagtaka siya.

"Tch. Si Lovemir," pagdidiin ko saka muling ngumuso.

"Interesado ka ba sa kaniya?"

Sumimangot ako. **"Hindi. Tch."**

Natawa siya. **"Bakit kailangan ko pang sabihin sa 'yo, kung gano'n?"**

"Tch! Dahil ako ang boyfriend mo."

"So?"

"Taguro, kailangan kong malaman lahat."

"Hindi," sumeryoso siya. Natigilan ako. **"Dapat kong sabihin sa 'yo ang lahat nang pwede mong malaman. Pero hindi lahat nang gusto mo ay kailangan mong alamin."**

"Tsk." Bahagya akong lumayo. *'Eto na naman kami sa pagiging misteryosa niya. Tch.*

Bumuntong-hininga siya. **"Oo, dance troupe siya. 'Yon lang ang isasagot ko. At hindi ka na dapat magtanong pa ng iba."** Hindi na ako umimik. Kumain agad kami nang mai-serve ang pagkain.

Hindi ko maintindihan. May kung ano sa kalooban kong hindi matahimik, hindi makontento. 'Ayun na naman 'yong pakiramdam na malayo ang loob niya. Hindi ako sanay nang ganito siya, bagaman dati naman nang ganito ang ugali niya. Nakakaloko. Sa loob ng iilang araw na hindi ko siya nakita ay parang bumalik siya nang hindi ko na kilala.

Nang matapos kumain ay nagpresinta akong samahan siya. Kailangan niyang mag-shower. Tutal naman ay maaga pa.

"Let's eat lunch together," sabi ko habang nasa daan. Tumango siya. **"Paniguradong marami kayong gagawin ngayon kasi matagal na walang klase."**

"Siguro nga."

"I bet you're prepared for quizzes, exams?" nakangiti, bilib kong tanong.

Nagkibit-balikat lang siya. Ayaw kong pansinin ang nababagot niyang hitsura.

"Matalino ka at mayabang. Kaya inaasahan kong masasagutan mo lahat ng assignments, recitations, quiz, lahat," dagdag ko.

Ngumiti naman siya, bahagyang natawa pa. Nag-isip pa rin ako nang mapag-uusapan. Nakakailang kasi ang pananahimik niya. Malayo 'yon sa natural niyang ugali. Naninibago ako.

"May dala ka bang motor?" kamot ang noo kong tanong, nagbubukas ng mapag-uusapan.

"Yeah."

"Sayang, hindi kita maihahatid."

"Hindi mo naman ako kailangang ihatid, kaya kong umuwi nang mag-isa," deretsong tugon niya.

Natigilan ako sa paglalakad. Nahinto rin siya at nagtatakang lumingon sa 'kin. Sandali kong kinalma ang sarili saka nag-angat ng tingin sa kaniya.

"Mahal mo pa ako, 'di ba?" pilit ang ngiti at umaasang tanong ko.

Natigilan siya. **"Oo naman."**

Pinagmasdan ko ang mukha niya saka ngumiti. **"Pwede mo bang sabihin?"**

"Tss, ilang beses ko ba dapat sabihin?" natatawang tanong niya.

"Maya't maya," seryosong tugon ko.

"Ang daming arte. Kailangan ko ba talagang ipaalala sa 'yong mahal kita?"

"Oo."

"Bakit?"

"Walang kailangang dahilan 'yon, Taguro. I just want to hear you say it," nagmamaktol nang tugon ko, salubong ang mga kilay at matulis ang nguso.

Hirap na hirap pa rin siyang sabihin, inuuna na naman ang yabang. Tch. Sa mga nababasa kong pocketbooks ay babae ang ganito pero bakit sa mundo ko ay ako? Tch. Nasasaktan ako kahit sa ganito kaliit na paraan. At nakakabaliw ang sakit na 'to, Taguro, bakit hindi mo maintindihan?

Gusto kong lumubog sa kinatatayuan. Nasasaktan ako. Sa tabi namin ay naroon ang umbrella kung saan niya unang sinabi sa 'kin na mahal niya ako. Hindi ko malilimutan kung paanong binura ng halik niya ang pag-aalala ko.

"Kailangan ko ba talagang magmakaawa para sabihin mo sa 'king mahal mo ko?" wala sa sariling naitanong ko. Natutuliro niya akong hinarap at tiningnan. **"Emosyonal ako at makulit,"** inuhan ko siyang magsalita. **"Sabihin mo sa 'kin, ayaw mo ba nang ganito ako?"**

Humakbang siya papalapit, naguguluhan. **"Deib, what are you saying?"**

"Handa akong magbago, Taguro," pilit ang ngiting dagdag ko. **"Kung gusto mong tahimik ako, kaya ko 'yon. Kung gusto mo namang maging basagulero ako, kakayanin ko rin 'yon. Pwede kong bawasan 'yong pangungulit ko, 'yong pagtatanong ko, 'yong pagdikit-dikit ko sa 'yo, pwede kong bawasan lahat. Kahit 'yong panghahalik ko. Pwede kong pag-aralan lahat, Taguro,"** nagmamakaawa ang tinig ko. **"Gagawin ko 'yon—"**

"Hindi," pigil niya sa 'kin. **"Hindi mo kailangang gawin 'yon. Dahil gusto ko kung ano ka."**

Nakangiti akong umiling. **"Pero bakit gano'n?"**

"Ang alin?"

"Parang kulang na kulang ako?"

Natitigilan siyang tumitig sa 'kin. Saka natutulirong lumapit. **"No,"** umiling siya nang umiling, nag-aalala. **"Sobra-sobra ka para sa 'kin, Deib. At alam kong alam mo 'yon,"** mahina ngunit sinserong tugon niya. Muli siyang humakbang papalapit ngunit umatras ako. **"Deib..,"**nauutal niyang sambit.

"Sorry," nagbaba ako ng tingin. **"Naguguluhan ako."**

"Saan?"

Taliwas ang mga sinasabi at kilos mo, Taguro. Hindi ko nagawang sumagot.

Muli siyang lumapit, muli rin akong umatras. **"Deib?"**Ang tanging nagawa ko ay tumitig sa kaniya. **"No,"** muli siyang umiling nang umiling. **"Please 'wag kang mag-isip nang kung ano-ano. Tell me, what's confusing you? 'Yong hindi ko madalas na pagsasabi na mahal kita? Mahal talaga kita, Deib."**

Kung ako ang tatanungin ay kaya kong isigaw rito na mahal kita, Taguro.

Nag-iwas ako ng tingin saka iniabot pabalik ang bag niya. **"Magkita na lang tayo mamaya. Sasabayan kitang mag-lunch."** Hinaplos ko siya sa pisngi saka naglakad papalayo.

Sorry, hindi ko rin maintindihan ang sarili ko. Pakiramdam ko ay bale-wala sa 'yo 'yong pagiging emosyonal ko. Kailangan ko nga yatang magbago. Kailangan ko pang bawasan 'yong ganitong arte ko, na sinasabi mo.

Dumeretso ako sa locker at naghalungkat. Wala ro'n ang atensyon ko, panay lang ang buklat sa libro.

Sinabi niya sa 'king mahal niya ako pero hindi ko maramdaman. Kung ako ay sobra sa emosyon, siya naman ay kulang. Sanay na ako ro'n dahil 'yon talaga ang pagkatao niya. Hinalikan niya ako at naramdaman ko naman ang tamis no'n. Nababaliw na ako. Kung ano-ano ang iniisip ko. Pero anong gagawin ko? Tsk! Masiyado yata akong umarte at hindi na 'yon panlalaki! Peste!

"Kailangan ko siyang puntahan," nakokonsensya kong bulong. **"Baka magalit siya. Mas lalong hindi ko kaya."** Kamot ang ulo kong isinara ang locker.

Ngunit pagbaling ko may pares ng labi nang sumalubong sa 'kin. Awtomatiko akong napaatras.

"What the fuck, Eerah?" singhal ko. Saka pinunasan nang pinunasan ang labi ko. **"What the hell did you do that for?"**

"I don't know why I like you so much, Deib. What did you do to me?" animong naguguluhan pang tanong niya.

Kunot-noo ko siyang inilingan. **"What the fuck?"**matindi ang pagtitimpi kong masaktan siya. Hindi ko malaman ang gagawin.

"What you did earlier, did you save me because you were worried?" batid kong iyong sa parking lot ng mall ang tinutukoy niya.

"Oo, pero hindi dahil gusto kita!" singhal ko. **"Babae ka. At hindi ka dapat binabastos nang gano'ng lalaki. What the hell were you thinking?"**

Nanlumo siya. **"Bullshit,"** bulong niya. May ibinubulong siyang siya lang ang nakakaintindi. **"This is the first time someone saved me, for real. And it happened to be you."**

"So what?"

"That's damn attractive, asshole!"

"Tch! Get out of my face!"

"Damn you!"

"Huh?" Inis ko siyang itinulak. **"Stay away from me. This is not funny, Eerah Anitha. I'll kill you."**

"I want you to like me."

"Are you insane?"

"You heard me."

"In your dreams."

"I'll make you fall for me," siguradong aniya. **"I'm everywhere, Deib Lohr. And you can take me for granted. Keep that in mind."**

"Get lost!" Inis ko siyang tinalikuran upang muli lamang matigilan. **"Taguro..."** Hindi ko inaasahang nandoon siya.

"Oh..." Lumapit si Eerah at sinalubong ang tingin ni Taguro. **"You know, you have to listen instead of eavesdropping?"**

"Shut up!" singhal ko. **"Get lost already!"**

"Uh-ah," maarteng iling niya. **"I think she saw us, maybe I can help you explain what we did?"** sarkastikong dagdag niya.

Agad na nangunot ang noo ko saka bumaling kay Taguro. Tatalikod na sana siya nang humabol ako. **"Babe,"**I got terrified. **"I can explain."**

Umiling siya saka ngumiti. **"Nakita ko lahat."**

Damn it! Hindi ko nagawang magsalita.

"Aren't you going to slap me or something?" animong nagtataka pang ani Eerah Anitha. Inis ko siyang nilingon. **"You know I'm worth it,"** sarkastiko pa ring dagdag niya.

"No," tanging tugon ni Taguro.

Napamaang si Eerah at saka natawa. **"Okay then, the next time I want to do something nice, just slap me!"**

"Okay," tugon ni Taguro. **"Basta tandaan mo, ang panampal ko, kamao,"** dagdag niya saka ngumisi.

"Ugh! You're weird and...uhm," Sinuyod niya ng tingin ang kabuuan ni Taguro saka nagpatuloy, **"Boring."**Humalakhak siya. **"You know that?"**

Buntong-hininga lang ang isinagot ni Taguro saka kami tinalikuran. Agad akong humabol.

"Babe, let me explain." Nagmadali akong sabayan siya. **"I told her to get away from me, babe. I did everything to make her go away but she's persistent. I tried to avoid her, I swear. I did everything to avoid her."** Hindi ko na alam kung ano pa ang sasabihin. Hindi siya nagsasalita. **"Babe..."** Nawawalan ako ng pag-asa.

Pilit siyang ngumiti. **"Wala naman akong dapat na ipag-alala, 'di ba?"** mahinahong tanong niya.

"Oo naman," paniniguro ko. **"Mahal kita, Taguro at hindi kita magagawang lokohin."**

"I'm fine with that." Tinapik niya ako sa balikan saka bumaling papalayo.

"Taguro?" muling habol ko. Nanatili siyang nakayuko. **"Babe, I'm sorry."**

"I love you everything about you, Deib, except the fact that she's around," aniya nang hindi nag-aangat ng tingin sa 'kin. **"I'll see you tomorrow,"** dagdag niya saka ako tinalikuran. Mabilis siyang naglakad papalayo.

Tomorrow? Bakit tomorrow? Akala ko ba ay magkikita pa kami mamaya?

Gusto ko pa siyang habulin. Gusto ko pang magpaliwanag hanggang sa masiguro kong hindi siya galit sa akin. Pero nag-aalala ako. Natatakot ako na baka kung saan na naman umabot ang usapang 'yon kung ipipilit ko. Nangangamba ako na baka muli siyang humingi ng panahon at dumistansya sa 'kin.

OceanofPDF.com

CHAPTER 177

MAX'S POV

Nagmadali akong pumunta sa shower area para makapagbihis. Pero kahit anong bilis ko ay hindi ako umabot sa tamang oras ng klase.

"You're late!" bungad ng lecturer.

Napapabuntong-hininga akong umirap. *Tss, malamang. Alam ko na bago mo pa malaman.*

Sa halip na pansinin ito ay dumeretso ako sa sariling silya.

"Wow," agad na bulong ni Naih. **"Super late? Imported?"** pang-aasar niya. Hindi na ako sumagot.

Itinutok ko ang paningin sa harapan. Gayunman, hindi nakaligtas sa paningin ko nang lingunin ako ni Lovemir. Ugali niya na ang gano'n sa t'wing darating ako. Wala iyon sa akin, lalo at wala akong interes sa paligid.

Nagsimula ang klase. Gaya ng inaasahan ko, naglayag na naman ang isip ko. Hindi makuha ng lecturer ang atensyon ko. Dahil bukod sa nakatirik ang mata niya habang nagdi-discuss, alam ko na ang lahat ng sinasabi niya.

Binabagabag ako nang nasaksihan ko kanina. Hindi ako makapaniwala sa mga narinig, lalo na sa mga nakita ko. Gano'n pala talaga kalala ang Eerah Anitha na 'yon.

Kung ang kaguwapuhan ni Sensui ang pag-uusapan, hindi ko masisisi si Eerah Anitha. Pero ang halikan si Sensui dahil lang gwapo ito, hindi makatarungan. Parang napakadali para sa kaniya ang lapitan, sunggaban at manghalik ng lalaki. Sa lugar pa kung saan hindi akma ang gano'ng gawain. Nangyari pa rin iyon sa kabila ng mga sinabi ko sa coffee shop nang nakaraang linggo. That girl must be a professional flirt.

Nakita ko ang lahat. Simula nang talikuran ako ni Sensui at makalayo siya ay sinundan ko na siya. Naunahan lang talaga akong lumapit ni Eerah.

Ano nga ba ang nakakatakam sa lalaking may girlfriend na? Tss. Lalong nagsalubong ang mga kilay ko. *Anong laban ko sa malandi? Tsk. Sa anong paraan ko ba siya dapat saktan? Hehe. Marami akong paraan. Sa sobrang dami ay manginginig siya sa pagpili. Meron akong choices at libre siyang mamili.*

Nag-aalala ako sa nararamdaman ni Sensui. Masyado siyang emosyonal at alam kong wala siyang intensyon na saktan ako. Nasisiguro kong galit na galit na iyon ngayon kay Eerah dahil sa ginawa nito.

"May practice daw after lunch, excused tayo sa class," bulong ni Lovemir sa kalagitnaan ng pagkaklase.

Natigil ako sa pagmumuni-muni at nilingon ito. Ang kaniyang paningin ay tutok sa lecturer habang sini-spin ang ballpen sa mga daliri.

"Bukas walang practice," dagdag niya. **"Aenna asked me to tell you. Bigla ka kasing nawala kanina."**

"Thanks," ang tanging sagot ko.

"Let's go there together."

"You can go first."

Naramdaman ko nang lingunin niya ako. Kaswal ko siyang sinulyapan. Para bang gano'n na lang ang gulat niya sa isinagot ko.

Tss.

Ibinida ni Naih ang naging date nila ni Lee habang nagla-lunch kami. Nakangiti akong nakinig. At talaga namang nai-imagine ko ang mga sinasabi niya.

Saksi ako sa kakaibang sweetness ni Lee kay Naih. Natural na ang pagiging malambing ni Lee, bukod sa pagiging maalalahanin at mabait. Pero makikita ang kaibahan sa t'wing kay Naih siya magpapakita ng sweetness. Maging mga kaibigan niya ay hinahangaan iyon.

Hindi ko naman makuhang mainggit. May sarili rin kasing paraan si Sensui. Sa katunayan ay naipaparamdam niya sa 'kin na ako ang pinakaespesyal na tao sa buong mundo.

Sabay-sabay kaming napalingon sa entrance nang mangibabaw ang ingay. At noon ay nagtagpo ang paningin namin nang pinakagwapong lalaki na nagkagusto sa akin.

Agad nga lang akong napangiwi nang makitang kasunod niya si Lovemir.

*'Wag kang lilingon, Sensui! Hehe.*Pinagmasdan ko siya habang papalapit sa akin. *'Yang ganiyang hitsura, hindi ko kailanman naisip na magkakagusto sa 'kin. Tss.*

Ang mga mata niya, bagaman malungkot, ay kakaiba ang dulot sa t'wing nakatuon sa 'kin. Para bang sinasabi ng mga iyon na mahal na mahal niya ako. Ang matangos niyang ilong at mamula-mula niyang pisngi, na masarap kurut-kurutin at kahanga-hanga sa paningin. *At ang labi, tsk tsk.* Ang mga labi na nakapagpapawala sa aking katinuan.

Malayo pa lang ay nasisinghot ko na ang pabango niya.

"Babe," aniya nang makalapit. Naupo siya sa tabi ko. **"Hi."** Tinanguan niya ang mga kaibigan ko. **"Let's eat?"**

Sa halip na sagutin ay tinitigan ko siya. Sa hitsura niya ay para bang gusto niyang maglambing. Nangungusap ang kaniyang mga mata. Masuyo ang kaniyang pananalita. Ang mga galaw niya ay nag-aasam nang higit pa.

Kung wala kami rito ay paniguradong kanina pa 'to pumulupot sa akin. Napabuntong-hininga ako sa sariling naisip, gustong matawa.

"What do you want to eat?" tanong ko.

"Anything," malungkot niyang tugon. **"Gusto ko iyong mahirap tunawin, iyong matatagalan akong ubusin. Para makasama kita nang matagal."**

Tila pinakikiramdaman niya ako. Hindi niya magawang alisin ang paningin sa akin. Binabasa niya ang bawat kilos ko. Tuloy ay nasiguro kong hindi pa siya naka-move on sa nangyari kanina. Paniguradong pinagalitan niya nang husto ang sarili.

"I just want to be with you, babe,"pabulong niyang dagdag, pilit na inaabot ang kamay ko sa ilalim ng mesa.

"I know."

"And I love you so much, babe."Sinubukan niyang magpa-cute.

Napabuntong-hininga ako. **"Anong oras matatapos ang klase mo?"**

Nagliwanag ang mukha niya. **"Alas sinko, babe, I love you, babe."**

"Do you want to eat dinner outside?" alok ko. Nanlaki ang mga mata niya. **"I'm fine with it."**

"Hindi ka galit sa 'kin?"

"Bakit naman ako magagalit sa 'yo?" Tumayo ako. **"Tara, um-order na tayo."**

"Ako na lang."

"Tayong dalawa na."

Napangiti siya. **"I'm sorry about what happened earlier, babe."** Makikita ang hiya sa kaniyang mukha. **"Hindi ko ginusto 'yon."**

"It's fine."

"Do you believe me?"

"Of course," sinsero kong tugon.

"I'm really sorry," sa tinig niya ay tila handa pa siyang magmakaawa.

"Ayos nga lang." Napabuntong-hininga uli ako. **"Handa akong kalimutan lahat 'yon, maintindihan ka lang."**

"Talaga?"

"Mahal nga kasi kita," bulong ko. Napangiti siya. **"So, what? Gusto mo bang sa labas tayo maghapunan?"**

"Oo naman, yes, babe, hehehe." Agad na bumalik ang sigla niya. **"'Tapos pupunta tayo sa bahay. Gagawa ng assignments at kakain ng snacks. Mapapagod ka at makakatulog sa 'min. 'Tapos bukas ay sabay tayong mag-aagahan sa 'min."** Grabe talaga ang imahinasyon niya.

Nangiti na lang ako sa kakaibang pag-iisip ni Sensui. Babaling na sana ako sa pila nang makabangga ko si Lovemir.

"Go ahead," isinenyas niyang mauna na ako.

"Mauna ka na," giit ko. Agad niya kaming tinalikuran.

Nilingon ko si Sensui. Wala nang kasintulis ang nguso niya, salubong ang kilay, tutok sa cellphone.

"Are you okay?" tanong ko.

"Si Eerah Anitha," nag-aalalang aniya.

Ngumiti ako at kinuha ang cellphone sa kaniya. **"Ako ang sasagot."**

"Where are you, Lohr?" tanong ni Eerah Anitha sa pinakamalanding paraan na makakaya niya.

Lohr? Tss. Bigay na bigay.

"Hey, I'm asking you, where are you? Sabay na tayong mag-lunch! I don't know anyone here."

"He's with me," tugon ko.

Agad na natahimik ang kabilang linya. **"Oh, who is this? Ah, the girlfriend?"** nang-aasar niyang sinabi. Hindi ako sumagot. **"Okay, I didn't know that a certain you exists. You sounded like a guy, god! Let me introduce myself then, this is Eerah, Eerah Anitha, and you are?"**

"Not interested," tugon ko. **"I am not interested,"** mariing dagdag ko saka ibinaba ang linya. **"Kailangan ba na gano'n kalambing kapag binanggit ang Lohr?"** Nilingon ko si Sensui. 'Ayun na naman ang matulis niyang nguso. Puno ng pag-aalala ang mga mata niya.

"What does she want?" tanong niya, nauutal.

"Ang gwapo mo raw," ngisi ko. Lalo siyang ngumuso. **"Gusto ka raw niyang kasabay dahil wala siyang kakilala dito. Ang sabi ko ay magkasama tayo. 'Yon lang kaya 'wag ka nang mautal."**

"Tch. Nawala sa isip kong hindi ka nga pala selosa," ngiwi niya, nanunumbat ang tono.

"'Buti alam mo." Nanguna ako sa pila. **"Pero isang malambing na banggit niya pa sa pangalan mo, hindi na siya makakalapit pa sa 'yo."**

"Tch. Puro ka naman banta," nakangising bulong niya.

Napapamaang ko siyang nilingon saka sinamaan ng tingin. **"Hinahamon mo ba ako, Sensui?"**

"Hindi ko na susubukan, Taguro." Ngumisi rin siya.

Kani-kaniyang kumustahan ang mga kaibigan namin. Nakakatuwa lang na sa sandaling iyon, bagaman naro'n pa rin ang katatawanan, puro pag-aaral ang pinag-uusapan.

Syempre, ang iba't ibang facial expressions ni Sensui ay nakita ko. Batid kong panay ang masid niya sa 'kin, dahil gano'n din ako sa kaniya. Inaalis ko lang ang paningin sa t'wing lilingon na siya sa 'kin.

"What are you going to wear tomorrow?"mayamaya ay bulong niya, nakangisi. **"I'm curious."**

"Uniform ng dance troupe," ngisi ko. **"Mas mukha akong hampaslupa ngayon dahil punit-punit ang design niyon. Pero pasok sa panlasa ko."**

"Kahit naman ano ang suot mo, minamahal ko. Hehehe."

"Puro practice lang kami ngayon at excused kami sa klase."

"Magdamag mo palang makakasama si Lovemir?"

"Mukhang gano'n na nga," ngiwi ko.

Sumama ang mukha niya. **"Text me while practicing. Sasagot ako anumang oras."**

"Don't slack off during class, focus, babe. Remember that you're all alone now. Wala na 'yong best friends mong nagtatakip sa mga kalokohan mo."

"Tch! Hindi naman kalokohan ang i-text ka."

"Nasa practice ako at may klase ka."

"Oo na," napipikon na namang tugon niya. **"Nakalimutan ko lang na ayaw mo nga pala nang ginugulo ka sa texts."**

"Tss. Magkakasama naman tayo mamaya, 'di ba?"

"'Wag kang manlalalaki, ah?"

"Asa."

"At 'wag ka ngang masiyadong nagpapaganda? Tch! Dahil high school ka pa lang kaya hindi magandang tingnan."

Tumaas ang kilay ko. **"Sino naman ang may sabi sa iyong nagpapaganda ako?"**

"Sinasabi sa 'kin ng mga mata ko, Taguro. Manahimik ka na nga lang? Puro pag-aaral lang ang aatupagin mo. At bukod sa apat na mga kaibigan mong kilala ko ay wala ka nang dapat na makasama."

"Eh, paano ang practice ko?"

"Tsk. 'Wag ka nang mag-dance troupe, bayad na ang tuition mo. Kapag may nabalitaan akong aali-aligid sa 'yo, paaalisin ko kayo rito pareho."

"Wow, sa 'kin ba talaga may umaaligid?"sarkastiko kong tugon. Sumimangot siya. **"Sige, magiging patas ako sa 'yo. Pwede kang makipagkilala sa lahat ng babae. Pero 'wag kang makikipagkaibigan sa iisang babae. Malinaw?"**

"Hindi ko siya kaibigan—"

"Malinaw?"

"Oo naman, yes, babe, I love you, babe," bigay na bigay na tugon niya.

"Napakaseloso mo naman pala, Mister Enrile. Iba talaga ang ganda ng isang del Valle," biro ni Migz. Agad na ngumuso si Sensui. **"Aba, kung ako ang tatanungin mo, wala kang dapat pagselosan. Magkatabi sina Lovemir at Maxpein, pero huwag ka! Tumatagal sila nang walang pansinan!"** aniya sa nagmamalaking tinig, gusto kong matawa.

"Gaga, may deal sila," sabad ni BJ, nilingon siya ng lahat. **"Pabahuan ng hininga!"** Agad na nangibabaw ang tawanan sa aming mesa.

"May tiwala naman ako kay Taguro. Tch! Kung si Randall nga ay matagal bago niya nakalimutan, ako pa? No way!" puno ng kayabang pabida ni Sensui.

"Hindi tiwala ang tawag d'yan," ngiwi ko. **"Bilib sa sarili iyan. Tss."**

"Ganiyan kayong maglambingan, 'te?" ani BJ. Natawa kami ni Sensui.

Maraming ipinagbago sa BIS campus mula nang magtapos ang batch nina Sensui. Kung dati ay nagkalat ang maiingay na babae, ngayon ay nagkalat ang nerds. Maraming transferees. Hindi gaya noon na napapansin ang bago dahil iilan lang.

Isa na ro'n si Lovemir, na agad na pinilahan ng tagahanga. Sa t'wing practice ay may mga sumasadya para panoorin siya.

Nang matapos kumain ay agad na akong nagpaalam kay Sensui. Hindi ko na pinatagal. Habang humahaba kasi ang kaniyang sinasabi, mas nanunulis ang nguso niya.

"Naih," lumapit ako rito habang bakante pa ang oras.

Hindi ko pa siya nakakausap nang masinsinan tungkol sa mga nangyari at nangyayari nitong mga nakaraan. May mga nalalaman siya pero hindi lahat. Alam kong ayaw niyang makialam. May mga usaping masyadong maselan. Bukod do'n ay kilala niya na ako. Hinihintay niya lang na magsabi ako.

Itong si Sensui lang naman talaga ang mabutingting at inaalam ang lahat nang totoo.

"Ano ang gagawin mo kapag may nagkagusto kay Lee?" tanong ko, hindi niya inaasahan.

Nilingon niya ako at pinandilatan. **"Sabihin mo sa 'kin, sino iyan!"** galit agad siya, tipikal na OA niyang reaksyon.

"Tss."

Napapabuntong-hininga akong nag-iwas ng tingin. Hindi ako pwedeng maging maligoy. Kundi ay mauunahan niya akong dumaldal.

'Yong babaeng nakilala ni Sensui sa Palawan, enrolled sa tertiary."

"Ano?" Inasahan ko na ang gulat niya. **"Paanong nangyari 'yon? You mean, dinayo niya talaga si Sensui dito?"**

"They're classmates," nagbaba ako ng tingin.

Natutop niya ang bibig. **"Oh, my! That's not true."**

Umiling ako nang umiling. **"Mas matindi kay Kim ang isang 'yon,"** nakangising sabi ko, hinihimay ang mga tanong sa isip.

Ilang saglit pa bago siya nakapagsalita. **"But isn't she older than him? I mean, if you'll ask me, I think mas matanda pa siya kay Dein."**

"Oo nga."

"Bakit umaaligid pa rin siya kay Sensui? At saka, paano siyang nakapag-enroll dito?"

"Baka tinamaan ngang talaga?" ngiwi ko. Napamaang siya. **"Wala namang edad na kailangan sa pag-aaral. Dito raw sila sa Laguna unang nagkita. Sinundan niya lang daw si Sensui sa Palawan. Sino pa ba ang pwedeng gumawa no'n, kung hindi iyong may gusto?"**

"Ang sabi mo ay may asawa na 'yon? Sabi 'ka mo ni Sensui?"

"Oo nga."

"Bakit niya pa ginagawa 'yon? Ano 'yan? Landian?"

"Paglalandi lang," pagtatama ko. **"Wala namang partisipasyon si Sensui para tawagin ko 'yong landian,"** walang kasimpakla ang tinig ko. **"Nakita ko siyang hinalikan si Sensui kanina,"** kwento ko. Natutop niya sa gulat ang bibig. **"Kung hindi ko napigilan ang sarili ko, kaya kong ilipat ang sakong niya sa ulo."**

"What!" gilalas niya. Halos mapaiwas ako sa lakas ng kaniyang boses. **"Aba! Hindi na dapat binubuhay ang babaeng may ganiyan kakapal na mukha, Maxpein! Stop her!"**

"Tss. Paano? Ano naman ang mapapala ko kung papatulan ko siya? Akin si Sensui. Wala siyang magagawa kung hindi ang magdamag na humanga."

"'Sabagay, kailangan mong magtiwala kay Sensui at sa relasyon ninyo," tatango-tangong aniya tsaka ngumiwi. **"O, eh, ano ang iniuungot mo d'yan?"**

"Wala naman, sine-share ko lang sa 'yo para madagdagan ang alam mo," nakangiting tugon ko. Tumaas ang kilay niya. **"Buhay mo ang impormasyon, Naih. Ikamamatay mo kapag wala kang alam sa mga bagay-bagay. Tss,"** biro ko. Ngumiwi siya. **"Masyado akong maraming kailangang isipin kaysa sa kaniya,"** buntong-hininga ko.

"Kumusta na nga pala 'yong tungkol sa Palawan?" mahihimigan ang hiya sa tinig niya. **"I know you don't want to talk about it but...grabe, matindi talaga iyon."**

Hindi ko siya masisisi sa gano'ng reaksyon at pakiramdam. Gusto kong humingi ng sorry paulit-ulit nang dahil do'n.

"Paranoid tuloy sina mommy. Maya't maya ang pangungumusta sa'kin," nakangusong dagdag niya. **"Well, nag-aalala rin naman ako sa totoo lang. Baka 'ka ko ayaw mo lang kasing pag-usapan kaya pinipigilan kong mangulit."**

"I'm really sorry about that," buntong-hininga ko. **"Bukod sa hindi inaasahang nangyari ay hindi rin ako nakapagpaliwanag. Alam ko namang naiintindihan mo."**

"Eh, ano pa nga ba? Kapag usaping seryoso, syempre, d'yan ka magaling! Sa lihiman! Ililihim ang lahat, 'wag ka lang makapagsalita. Psh."

"Magulo kasi ang sitwasyong 'yon, Naih, napakagulo. Isang salita ko ay maraming pwedeng magbago. Wala kaming ideya kung sino ang mga 'yon."

"Oo, 'buti nga ay tinutulungan ninyo sina Deib."

"Hindi namin sila tinutulungan. May mga sarili kaming intensyon. Pinasabog nila ang paboritong yate ni Chairman at hindi siya natuwa ro'n. Galit na galit siya pero walang magawa."

Nanlumo siya. **"Umulan na ng bala, iyong yate pa talaga?"** ngiwi niya.

"Tss. Iyon kasi ang pinakamatanda sa lahat ng yate namin. Iyon din ang paborito ni lola."

"Hala!"

Tumango ako. **"Nakapagtataka lang na natunton nila ang isang pribadong lugar."**

Ipinagpatuloy namin ni Naih ang kwentuhan sa mga bakanteng oras. Naging maingat ako sa ibinibigay na impormasyon sa kaniya. Hindi rin ako ligtas sa bibig niya.

Nauna siyang umuwi nang matapos ang klase. Dumeretso naman ako sa social hall. Hindi pa kompleto ang grupo. Kaya matapos magbihis ay pinanood ko muna ang mga kagrupo na mag-imbento ng steps.

"Hey, good afternoon," bati ni Lovemir nang makapasok.

Lumapit sa 'kin si Aenna. **"Bakla ka! Ikaw lang nang ikaw ang pinapansin ni Lovemir!"**

"Oh?" ang tanging sagot ko. **"Sa pagkakaalam ko ay madalang din kaming magpansinan."**

"'Tse! Ako nga ay hindi niyan binabati. Ako pa ang leader niyan, ah?"

"Hindi ko rin naman siya binabati."

"Ewan ko sa 'yo," tumawa siya. **"Pero grabe, ah? Hindi ko in-expect na makukuha at masasayaw ninyo ang bagong steps with feelings!"**

"Anong with feelings?"

"Magaling kayong pareho ni Lovemir. I can feel the song, its meaning, habang sinasayaw ninyo," emosyonal niyang sinabi, dalang-dala. **"Watching you is like dreaming, I mean, gusto naming makisayaw habang pinanonood kayo. Para kayong in love sa isa't isa pero parehong nasasaktan—"**

"Ano ba'ng sinasabi mo d'yan?" napagtaasan ko siya ng boses.

Tumaas ang kilay niya. **"I'm telling you na nakakadala ang intimate dance ninyo. Na effective kayong dalawa sa audience. And I'm so proud of myself! Aha!"**

"Tss."

"Pero in fairness, bagay kayo," pang-aasar niya. Sumama ang mukha ko. **"Kung hindi ka lang taken ay masasabi kong pwede kayo."**

"No."

"Ang taray mo," halakhak niya.

Kunot-noo akong tumayo. **"Magsimula na tayo."**

Nanguna akong humarap sa salamin. Eksakto namang tumabi sa akin si Lovemir. Tuloy ay hindi ko naiwasang marindi sa mga taga-hanga niyang naro'n na naman sa labas ng hall. Balewala sa kaniya ang mga iyon. Nananatiling nakatuon sa sarili ang paningin niya mula sa salamin.

Parati akong inaasar nina Migz na si Lovemir daw ang lalaking bersyon ko. Hindi ko naman makita sa kaniya ang sarili ko. Madalang ko rin siyang napapansin, t'wing nagprapractice lang ng sayaw sa totoo lang. Sa klase ay tutok ako sa lecturer. Kapag break time naman ay tutok ako sa ibang bagay. Hindi siya tumatambay sa canteen, hindi siya kumakain doon. Kung hindi ako nagkakamali ay tubig lang ang binibili niya.

Mayamaya pa ay nagsimula na kami. **"Okay, and one! One! Ah! Yeah, and one, one! Ah!"** bigay na bigay sa pagbibilang at pag-indayog si Aenna. **"Go! And back, back, front, front! Back, back! Front, front, and wave! Yeah, ah! And wave! Yeah, ah!"** Sanay na kami nang ganoon siya, mas nakakagana pa nga.

Nagawa naming buuin ang pinaghahandaang performance sa isang pasadahan. Gano'n na lang tuloy ang tuwa namin nang matapos.

Iyon nga lang, pinauulit ni Aenna ang solo dance namin Lovemir. Hindi iyon sing-intimate gaya nang ikinatatakot ko. Akala ko ay gagayahin namin iyong videos na ipinanood ni Aenna. Kung saan may pagdidikit ng mukha at balat sa balat ang pagkakalapat ng katawan. Pero sapat na ang pagiging intimate niyon para magrebelde ang puso ni Sensui.

Maiintindihan niya naman siguro.

Nilingon pa muna ako ni Lovemir tsaka ito tumayo at naglahad ng kamay. Wala man lang nagbabago sa hitsura niya. Nananatili iyong blangko at malamig. Bahagya akong nanigas sa kinauupuan ko, napalunok bago pa nakatayo. Hindi ko na tinanggap pa ang kamay niya.

Agad na nagtama ang aming paningin nang magharap. Ngumiti siya ng tipid. Nag-iwas naman ako ng tingin.

"Come on, show me," ani Aenna, hudyat na magsimula na kami.

'Ayun na naman iyong nakakailang na mga titig ni Lovemir. Biglaan siya kung humawak at hindi ko namamalayang nakatitig na pala siya. Marahil ay gano'n ang epekto ng pagsasayaw sa kaniya.

Parang hindi ko naman ginagawa ang mga ganyan para sabihin nilang magkapareho kami. Tss.

Dahil sa madalas na pagkokompara sa 'min, hindi ko naiwasang masdan ang mga kilos niya. Dahil na rin sa kuryosidad. Ngunit sadyang wala akong makita.

"Kailangan mo nang hawakan ang kamay ko," natinag ako nang ibulong iyon ni Lovemir.

Hindi pa man nakasasagot ay kinuha niya na ang kamay ko at ipinatong iyon sa balikat niya. Nangibabaw ang kanta, doon niya ako sinimulang igiya.

Paikot-ikot. Mabagal. Suwabe. Pino. May ritmo. Bawat kilos namin ay mababasa ng manonood dahil sa mga iyon.

Tama si Aenna, para nga kaming iisa.

"My god, tumatayo ang balahibo ko sa kanila," dinig ko pang anang bagong myembro namin. Nagkatinginan kami ni Lovemir dahil doon, napangiti siya.

"Marami na akong hinangaang mananayaw pero hindi ko kailanman naramdaman ang naramdaman niya," may bahid ng pagbibirong ani Lovemir. Hindi ako sumagot. **"Pero sa dami ng hinangaan ko, kakaiba ang bilib ko sa 'yo."**

"Bakit?" kunot-noo kong tugon.

"I don't know," nagkibit-balikat siya. **"Meron sa pagsasayaw mong nakakaagaw ng atensiyon."**

"Salamat."

"Masyado kang tahimik."

"Ikaw rin."

"Pero hindi ako tipid kung umimik."

Naglapat ang labi ko. *Saan ba patungo ang usapang ito? Tss. Lumulundag ang mga sinasabi niya at walang kinalaman sa isa't isa.*

Hindi na lang ako nagsalita, pinagmasdan na lang ang mga kilos at galaw ng kamay niya. Dahil doon ko ibinabase ang mga kilos at kamay ko.

Ilang beses na pinaulit-ulit ni Aenna ang solo dance na iyon. Nangalay tuloy ang mga braso at hita ko. May mga oras na nagkakamali pa rin kami ni Lovemir. Pero pareho pa rin naming naitatama pagdating sa huli. Doon kasi may kahigpitan si Aenna, sa mga maling dance steps.

"Perfect!" palahaw ni Aenna matapos ang huling ensayo namin ni Lovemir. **"I love it!"** namamanghang aniya, tatangu-tangong lumapit sa 'min. **"Paniguradong tatahimik ang mundo bukas habang pinanonood kayo. Ang galing-galing ninyo. Lalo tuloy akong naging proud sa sarili**

ko. Dahil sa galing kong pumili ng myembro, sa galing gumawa ng steps at dahil sa mga attitude ninyo. Feeling ko ay ako lahat ang rason ng mga iyan," walang bahid ng pagyayabang pang aniya.

"Salamat," tugon ni Lovemir.

Tinipon ni Aenna ang lahat. **"Come as early as possible tomorrow. Just like before, kailangang bago mapuno ng students ang campus ay prepared na tayo. Sa atin ang unang performance, parati 'yan."** Nangibabaw tuloy ang excitement sa karamihan ng myembro. **"Nasa inyo na ang mga uniforms. Mahalin ninyo iyan dahil kasama 'yan sa hinahangaan. Lalo na kayong mga paalis na,"** may bahid ng lungkot sa tinig niya.

"'Wag namang ganiyan, Aenna, nalulungkot ako," ani Hyacinth.

"Kaya mag-enjoy tayong pare-pareho bukas. You have my trust and support, guys. I know we can do this. We'll give them our ultimate and best performance, as always. Hindi kami aalis, panonoorin namin ang lahat ng performance ninyo. Promise 'yan." Nangiti ang lahat.

Marami pang sinabi at ipinaliwanag si Aenna bago kami nagpaalaman. Eksakto namang tumawag si Naih, tuloy ay nahuli ako.

"Oh?" sagot ko, inipit ang telepono sa tainga.

"Mauuna na akong umuwi, ah? Natatae na talaga ako, eh."

"Sige, may lakad din kami ni Sensui."

"Pasalubong, ah?"

"Basta ikaw," tugon ko tsaka natawa. **"Ingat."**

"Sige, ikaw rin, bye." Ibinaba niya ang linya.

Tatawa-tawa akong dumeretso sa changing room. Eksakto namang lumabas si Lovemir sa kabila. Hindi ko naiwasang magulat, akala ko ay mag-isa na lang ako sa hall. Nagtanguan kami bago ako tuluyang pumasok.

Nang makalabas ay natanawan ko si Lovemir. Abala siya sa pag-aayos ng gamit.

"Pauwi ka na rin ba?" tanong niya nang hindi ako nililingon.

"Mm," tanging tugon ko. Hindi ko inaasahang bungisngis ang isasagot niya. *Tss, ano'ng nakakatawa?*

Napaiwas ako nang bigla niya akong harapin matapos kong lumapit sa aking gamit.

"Are you scared of me?" natatawang tanong niya.

Umiling ako. **"Bakit mo naman naiisip 'yon?"**

"Base sa kilos mo," sinipat niya ang kabuuan ko. **"Hindi ka kailanman umabot sa sampung salita sa t'wing magkausap tayo."**

"'Yon na ba ang basehan ng takot ngayon?" sarkastiko kong tugon.

Pinagkunutan niya ako saka natawa. Iiling-iling niyang binalingan muli ang sariling gamit.

"I'm expecting to see you early tomorrow," muling aniya. Hindi na ako sumagot. **"A lot of people are asking me if I already have a partner tomorrow,"** buntong-hininga niya. **"Kailangan ba talaga 'yon?"**

Isinabit ko ang bag sa aking likuran saka nakangiwing bumaling sa kaniya. **"Hindi naman. Mas maganda nga lang kung meron. Para may maisasayaw ka kung kailan mo gusto."**

"Pwede ko rin namang isayaw kung sino ang gusto ko, hindi ba?" tanong niya. Tumango lang ako. **"Eh, di hindi na kailangan ng partner."**

"Oo, at hindi mo na rin pala kailangang magtanong. Tss," sarkastikong tugon ko. **"Mauna na ako."**

Akma ko siyang tatalikuran nang pigilan niya ako. Nahigit ko ang sariling braso.

Muling naging blangko ang mukha niya tsaka bumuntong-hininga. **"Pwede ba kitang maging partner bukas?"**

Napalunok ako sa tanong na iyon. May kung anong bagay na bumara sa lalamunan ko. At nasisiguro kong hindi iyon laway. Hindi agad ako nakapagsalita, hindi agad nakapag-react. Tutok siya sa akin, paniguradong nakita niya ang kung anumang reaksiyon ko.

Sa dami ng babae, bakit ako ang niyaya nito? Tss. Imposible namang ako lang ang kilala niya?'

Mukhang seryoso siya. At gaya kanina ay walang nagbabago sa kaniyang hitsura. Deretso talaga siyang nakatitig sa 'kin.

"Hey," natatawang tawag-pansin niya.

Natinag ako at napakurap, ngunit hindi rin nakapagsalita.

"I'm asking you if you can be may partner tomorrow," aniyang muli. **"Hindi naman siguro ito ang unang beses na may nag-alok sa iyong maging kapareha mo isang party, hindi ba?"** walang bahid ng pang-iinsultong dagdag niya.

Tumango muna ako. **"May partner na ako bukas,"** sinikap kong maging kaswal.

Gusto kong kagalitan ang sarili. Hindi ko maintindihan kung bakit gano'n ang reaksyon ng katawan ko sa simpleng tanong niya. Bigla kasi akong

nabalisa at nawalan ng kakayahang labanan ang tingin niya.

Hindi ko man lang siya nakitang nagulat sa sagot ko. Tumango lang siya saka ngumiti.

"Bakit nga ba hindi ko naisip 'yon?"nakangiwing aniya saka isinabit ang bag sa likuran. **"Sabay na tayo palabas,"** prisinta niya. Nanguna siya at pinagbuksan ako ng pinto.

Lalo akong nabalisa nang panoorin niya akong i-lock ang pinto ng social hall. Gusto kong sabihan siya na ibaling na lang sa iba ang tingin.

What the heck, Maxpein?

"Kaklase ba natin 'yong partner mo bukas?" tanong niya.

"Hindi."

"Sinong partner mo?"

"Ako." Sabay kaming napalingon sa pinanggalingan ng boses ni Sensui.

Kunot-noo at deretso siyang nakatingin kay Lovemir. Nabuhay ang kaba sa dibdib ko. Bigla ay naikandado ko ang pinto.

Inilahad ni Sensui ang kamay sa harapan ko, agad kong tinanggap iyon. Marahan niya akong hinila papunta sa tabi niya nang na kay Lovemir ang paningin. Nang lingunin ko naman ito, nasa magkahawak naming kamay ni Sensui ang paningin nito.

"Deib Lohr Enrile," ani Sensui na inilahad ang kamay dito.

Magalang na nakipagkamay si Lovemir. **"Lovemir Limaco."**

"I am Maxpein's boyfriend." Hindi ko inaasahang magpapakilala nang ganoon si Sensui. Gusto kong bumilib.

Mababasa ang gulat ni Lovemir. **"Nice to meet you,"** tipid siyang ngumiti. **"I'll go ahead. See you tomorrow."**

Nasundan ko siya ng tingin. Hindi ko magawang lingunin si Sensui. Pakiramdam ko ay hindi na huhupa ang kaba ko. Ang tanging kinakapitan ng loob ko ay iyong daliri niyang humahaplos sa kamay ko.

"Madalas ba kayong maiwang mag-isa dito?"

Awtomatiko akong nag-angat ng tingin kay Sensui. Napabuntong-hininga siya ngunit blanko ang ekspresyon.

Agad akong umiling. **"Hindi. Ngayon lang."**

Tumango siya at bahagyang ngumiti. **"Let's go?"**

"Tara," pinilit kong ngumiti.

Hindi siya nagsasalita sa daan naming palabas. Hawak niya ang kamay ko at binabale-wala kung sino ang makakita. Tahimik niya akong inalalayan pasakay ng kaniyang kotse. Pinanood ko siyang lumigid at lumulan sa

driver's seat. Binuksan niya ang makina nang tutok lang ang paningin sa daan.

"Paano ang motor ko?" sinikap kong huwag mautal.

Pilit siyang ngumiti. **"Balikan na lang natin, kung okay lang sa 'yo?"** Tango na lang ang isinagot ko.

*Paano kami magkakasabay papauwi no'n?*Nalungkot ako nang maisip na hindi kami sabay na uuwi.

Mabilis kaming nakarating sa mall, nang hindi nag-uusap. **"Is there something in particular that you want to eat?"**

Kung dati ay para bang hirap na hirap akong mag-isip, nang sandaling iyon ay agad akong nagturo ng restaurant.

"How's your practice?" tanong niya, ang paningin ay nasa hawak na menu.

Sasabihin ko na ba sa kaniya 'yong tungkol sa solo dance namin ni Lovemir?

Napabuntong-hininga ako. Napagdesisyunan 'wag na lang sabihin. *Lalo ko lang daragdagan ang inis at selos niya. Baka mag-away kami.* **"Ayos naman kahit nakakapagod. Nakakahiya man pero hindi ko na nagawang mag-shower dahil nagmadali akong umalis,"** pahina nang pahinang tugon ko.

"Kaya pala naiwan kayong mag-isa ni Lovemir?" mapaklang tugon niya, nasa menu pa rin ang paningin. Kumumpas siya sa waiter saka um-order. Saka pa lang siya tumingin sa 'kin. **"Hindi ba?"**

"Anong hindi ba, babe?" utal na tanong ko.

Napabuntong-hininga siya. **"Hindi ba't naiwan kayong dalawa ni Lovemir kanina? Nagmadali ka na no'n?"** pilit ang ngiting tanong niya. Alam ko ang ipinupunto niya. Pilit niya lang na hindi pinagtotonong sarkastiko ang sarili.

"Ah, hindi ko rin alam na nandoon pa siya, sa totoo lang."

"Mm," tatangu-tangong aniya. **"Okay naman ba siyang kasama?"**

"Bakit ba siya ang pinag-uusapan natin?"

"Dahil nagseselos ako sa kaniya," deretsong tugon niya.

Napalunok ako. **"Babe."**

"Don't worry, babe. I'm not gonna do anything that will make you mad. Gusto ko lang malaman mo ang nararamdaman ko."

"My friends often compare us," wala sa sarili kong sinabi. Umayos siya ng upo at deretsong tumingin sa 'kin. Pinaglaro niya ang mga daliri sa

pisngi. **"Ang sabi nina Migz, siya raw ang lalaking bersyon ko. I don't believe them. Lovemir and I don't care about each other, I'm sure about that."**

"Hindi ka niya yayayaing maging partner kung tama ang iniisip mo."

"Hindi naman *por que* niyaya niya ako, may iba nang ibig sabihin 'yon, Sensui."

"Interesado siya sa 'yo."

Natigilan ako. **"Paano mo naman nasabi 'yon?"**

"Because I can feel it, that's why I'm jealous, Maxpein," tiim-bagang na sagot niya. Natigilan na naman ako.

HIndi ko maintindihan ang kabang idinudulot ng mga sinasabi niya. Hindi ko alam kung saan nagmumula ang kabang iyon.

Interesado siya sa 'kin? Bakit?

Huminga ako nang malalim saka muling tumingin sa kaniya. **"Imposible ang sinasabi mo."**

Ngumiwi siya. **"Hindi kailanman naging imposibleng magkagusto ang lalaki sa isang babae, Taguro, iyon ang sa tingin ko."**

"Pero hindi si Lovemir."

"Paano mo nasiguro? Paano mo nasabi?" kunot-noong tanong niya.

"Ayaw ko na siyang pag-usapan, pakiramdam ko ay magtatalo lang tayo."

"Tch." Kunot-noo siyang nag-iwas ng tingin. Dinig ko ang kaniyan buntong-hininga. **"Kampante naman ako kaya 'wag kang mag-alala. Sinabi ko nang girlfriend kita. At kung matinong tao siya, hindi gaya ng iba, sa tingin ko ay may dahilan naman para makaintindi siya at lumayo nang kusa?"** Batid kong si Eerah Anitha ang tinutukoy niyang iba.

"Wala kang dapat na ipag-alala sa kaniya, babe. Madalang kaming magkausap."

"Sa ngayon, oo, pero paano sa mga susunod?"

"Wala ka bang tiwala sa 'kin?"

"Malaki ang tiwala ko sa 'yo. Sadyang hindi ko lang kilala ang isang 'yon. Sa kaniya ako walang tiwala. Lalaki rin ako. May mga dahilan kung paano at bakit namin nalalaman ang kilos ng isa't isa. Interesado siya sa 'yo, 'yon ang masasabi ko." Sa tono niya ay mukhang sigurado siya. At nasisiguro ko ring magtatalo lang kami kung kokontra ako.

"Lalayo ako sa kaniya."

"Hindi mo kailangang gawin 'yon kung wala naman siyang ginagawang masama. Hindi siya 'yong tipo ng lalaki na didikit lalo na't alam niya nang girlfriend kita," seryosong aniya. Napabuntong-hininga na lang ako. **"Let's eat."**

Bakas sa hitsura niyang hindi siya kumbinsido, hindi siya kontento sa usapan namin. Tahimik kaming nagsimulang kumain. At sa kagustuhan kong basagin ang nakabibinging katahimikan ay nagbukas ako nang mapag-uusapan.

"Kinukulit ka pa rin ba ni Eerah Anitha?" kamalas-malasang ito ang naisip ko. *Tsk.*

"Hindi na siya pumasok no'ng hapon." Malamig niya akong tiningnan. **"Anyway, hindi kita masusundo bukas."**

"Bakit?"

Sinsero siyang ngumiti. **"May kailangan akong gawin sa umaga hanggang hapon. Alam kong kailangan mong pumunta sa party nang maaga. Kaya kung ayos lang ay mauna ka na?"** nag-alinlangan siya sa huli.

Napipilitang tumango ako. **"Ayos lang."**Pilit kong hindi ipinahalata ang pagkadismaya. *Ano naman kaya ang gagawin niya sa umaga?*

I sighed. Gustuhin ko mang magtanong, wala akong lakas ng loob. Alam kong sasabihin niya naman kung gusto niya kaya hindi ko na kailangang tanungin.

Ayaw niya sigurong banggitin.

"Nakita ko nga pala si Maxwell kanina," kwento niya. Nagtama ang paningin namin. **"Kinukumusta ka niya."** Napatango lang ako. **"Hindi ba kayo nagkikita at kailangan ka pa niyang kumustahin sa 'kin?"**

"Mas busy si Maxwell ngayon compared last year. Si Maxrill man ay madalang kong makita at makasabay kahit nasa iisang campus kami."

"Bakit hindi kayo magsabay kumain ni Maxrill?"

"Umuuwi siya para mag-lunch. Gusto ni Maze na magkasabay sila."

"I see. 'Buti nakapag-stay na sila Maze dito? Ang nabanggit mo sa 'kin noon ay madalang sila sa Pilipinas."

Natuwa ako na naging maayos ang daloy ng pag-uusap namin. **"They need to stay here. May mga kailangan silang asikasuhin."**

Kailangan nilang malaman kung sino iyong mga nagtatangka sa buhay ng lolo mo.

Hindi ko na nabanggit sa kaniya ang laman ng isip ko. Ayaw kong buhayin ang pag-aalala at hiya niya. Sa t'wing mapag-uusapan kasi 'yon, parang nahihiya siya dahil alam niyang may kinalaman din doon ang pamilya niya.

Ngunit agad akong natigilan sa pagmumunimuni nang maalala ang party. Bahagya akong kinabahan.

Posibleng pumunta bukas sa party si Chairman Enrile. At hindi imposible na matunugan iyon ng mga taong nagtatangka sa kaniyang buhay. Kapag nagkataon ay magkakagulo, delikado.

Napatitig ako kay Sensui, abala siya sa kinakain. Napaisip ako kung sasabihin ba iyon sa kaniya, o kukumpirmahin nalang ang pagdating ng Chairman sa party.

"Pwede ko bang malaman kung ano 'yong aasikasuhin mo bukas, babe?"

Ngumiti siya. **"It's a secret, babe."**

"May kinalaman ba 'yan sa 'kin?" napapangiting tanong ko.

"Hmm," bahagya siyang ngumiwi at animong nag-isip. **"Wala naman, babe, hehe."**

"Tss."

"Pero kung gusto mong meron, pwede naman akong gumawa ng bagay na para sa 'yo, sa tingin ko," muling bumalik ang magandang mood niya. Nawala ang panlalamig at selos.

Ngumiwi ako. **"Hindi na. Masyado nang magandang regalo 'yong maka-partner ang isang Deib Lohr Enrile sa party. Tss. 'Yong Deib Lohr Enrile na ipinahiya pa muna ako sa harap ng buong mundo bago ako minahal,"** nagpanggap akong may hinanakit.

Umangat ang kaniyang labi. **"Kailangan na ba kitang lambingin ngayon para mabura na 'yan sa isip mo, Taguro?"**

"Hindi naman," nakangising tugon ko.

"Pero gusto ko ang nilalambing ka," nakangisi ring tugon niya.

"Malambing ka naman sa kahit na anong paraan."

Ibinaba niya ang spoon at fork saka umayos ng upo. Tumingin siya nang deretso sa 'kin saka ngumisi.

"Talaga? Bakit pakiramdam ko ay kulang ang ginagawa ko?"

"Tss."

"Gusto kitang i-date araw-araw. Gusto kitang masakama maya't maya. Sana pala ay hindi na muna ako nag-college. Hinintay na lang

sana kita para sabay tayo at makasama kita maya't maya."

"Pero magkaiba tayo ng gustong kurso."

"Parati ka pa ring nasa paningin ko," nakangusong aniya saka nagtuloy sa pagkain. **"Nag-aalala ako sa mga umaaligid sa 'yo."**

"Wala nga kasing umaaligid sa 'kin. Tss. Hindi kasing ganda ni Kimeniah ang girlfriend mo kaya 'wag kang umastang selos na selos," biro ko. Pinagkunutan niya ako ng noo. **"Kumusta si Kimeniah? Nagkikita ba kayo?"**

"Nope. Wala namang dahilan para makipagkita ako sa kaniya," mapaklang tugon niya. **"Si Maxwell lang ang nakita ko."**

"Mabuti naman kung gano'n. Si Eerah Anitha lang ang aalalahanin ko," makahulugang tugon ko. Siniringan niya ako.

Ano kaya ang papel no'n sa buhay ni Sensui? Tss.

Matagal bago kami nagdesisyong umuwi. Bumalik kami sa BIS para sa motor ko.

"Sana pala ay ipinakuha mo na lang 'yan para maihatid kita pauwi." Inalalayan niya ako pababa ng kotse.

"Hindi na, kaya ko namang umuwi mag-isa."

"Ihahatid kita kahit hanggang sa labas ng village ninyo, babe."

"Sige," nakangiting tugon ko saka sumakay sa motor ko.

Isinuot niya ang bag ko sa aking likuran saka siya tumutok sa akin. Ang isang kamay niya ay nakahawak sa manibela, habang ang isa pa ay nasa likuran ko.

"Pwede ba kitang halikan dito?" bulong niya.

Napamaang ako. **"What?"**

Iginala ko ang paningin. Wala nang tao maliban sa 'min. Madilim sa gawi namin. Tanging ilaw na nagmumula sa emergency room ng BISH ang liwanag.

"Bakit dito?" tanong ko.

"Saan mo ba gusto?" nakangising tanong niya, ang paningin ay nasa labi ko na.

"Bukas na lang, babe," kabadong tugon ko.

"Hindi ako makakatulog nang hindi ka nahahalikan, Taguro," malungkot na aniya. Napapalunok akong bumuntong-hininga. **"Babe..."** ungot niya.

Bakit naman kasi dito pa, tsk! **"Pwede bang bukas na lang, babe?"** nahihiya kong tugon.

Awtomatiko siyang ngumuso. Bumuntong-hininga saka lumayo. **"Sige."** Ngunit hindi rin siya nakatiis, saulo ko na ang gano'n niyang ugali. **"Kahit isang mabilis lang, babe?"**makaawa niya.

Bigla ay lumapit siya. Huli na para makapagsalita ako. At sa halip ay napapikit na lang ako nang sakupin niya ang labi ko. Talaga namang naghabulan, nagpalakasan ang bawat kabog ng puso ko.

Nakahinga lang ako nang maluwang nang pakawalan niya ang labi ko. Ngunit gano'n na lang ang gulat ko matapos magmulat. Sobrang lapit pa rin ng mukha namin sa isa't isa.

Ang paningin niya ay tutok sa aking labi, kunot na kunot ang noo. **"Hindi ko talaga kaya,"** bulong niya.

Hinawakan niya ako sa batok. At bago ko pa siya napigilan ay nahalikan niya na uli ako. Kinakabahan ako at kinikilig nang sabay, hindi ko maipaliwanag. Hinahaplos ng daliri niya ang pisngi ko habang marahang hinahalikan.

Pareho naming habol ang hininga nang pakawalan niya ang labi ko. Hawak niya ang magkabilang pisngi ko, pinagdidikit ang aming mga noo.

"Mahal na mahal kita, Taguro," bulong niya. Naging matunog ang pagngiti ko. **"At hindi lang tinatawanan 'yan kapag sinabi ko,"** nakangiwing dagdag niya.

Inis niyang nakamot ang ulo nang tuluyang makalayo sa 'kin. Hinawakan niyang muli ang mga pisngi ko at tinitigan ako nang deretso.

"Sa 'min ka na lang umuwi."

"Tss."

"Para akong mamamatay kapag hindi kita nakikita."

Ilang beses kaming hindi nagkita, nakakabilib na buhay pa rin siya.

"Magkikita pa naman tayo bukas."

"Oo, tapos uuwi ka rin sa gabi," napapabuntong-hininga pang aniya. Nakakatuwang isipin na ayaw niyang mahiwalay sa 'kin.

"I love you, babe," naisagot ko.

Pinandilatan niya ako. **"Nagkusa ang hambog, bago 'yan,"** sarkastikong aniya. Ngumiwi ako. Lumapit siya at niyakap ako nang mahigpit. **"Tsk, bakit ba kasi humiwalay ka pa ng bahay?"** bigla ay singhal niya. Natameme ako. **"Hehe. Biro lang, babe."**

"Sige na, umuwi na tayo. Mukhang kailangan mo nang magpahinga, nagloloko na sistema mo," biro ko. **"Kailangan ko pang matulog nang mahaba. Mapapagod ako bukas panigurado."**

"Sige." Lumayo siya upang panoorin akong magmaniobra. Ngunit may kakaiba sa aking motor. **"Bakit?"** tanong niya nang bumaba ako.

"Anak ng..."

"Butas?" nagugulat niyang sabi. Buntong-hininga lang ang naisagot ko.

Mabilis kong naigala ang paningin. Ngunit wala akong makitang kakaiba. Nasisiguro kong iilang minuto pa lang ang nakalipas nang butasin iyon. Hindi pa ganoon kalambot ang gulong.

"Paano ka uuwi niyan, babe?" tanong niya. Nakangisi na siya nang lingunin ko. **"Mukhang kailangan talagang magkasama tayo para masaya ang puso ko, hehe."**

"Tss."

"Sige na, ipakukuha ko na lang 'tong motor mo. Ako na ang maghahatid sa 'yo."Hindi na ako tumanggi pa.

Sino naman kaya ang gumawa no'n kay Rabbit?

Hindi ko nahinto sa pag-iisip. Habang papalayo kami sa lugar ay hindi nawala sa side mirrors ang paningin ko. 'Ayun na naman iyong mabigat na pakiramdam na may sumasalisi sa amin.

"Sino kaya ang gumawa no'n?" wala sa sariling tanong ko. **"Ngayon lang nangyari sa akin ito."**

"Baka naman hindi mo lang napansin? Gasgas na ang gulong mo, kailangan nang palitan."

"May butas, Sensui."

"Kaya nga, baka hindi mo lang napansin? 'Wag ka masiyadong mag-isip, babe,"nangungumbinsi niyang sinabi. Hindi ako sang-ayon.

Nagkamali ka ng gulong na binutas. Masyadong mahangin 'yon.

Malaki ang tiwala ko kay Rabbit. Nasisiguro kong maiuuwi pa ako nito kahit butas ang gulong. Iyon nga lang, hindi ko alam kung may iba pang ginawa kay Rabbit bukod doon.

DEIB'S POV

HANGGANG sa makauwi ay mukhang malalim ang iniisip ni Taguro. Hindi ko maiwasang mapatitig sa kaniya at mapabuntong-hininga.

"Babe," pagtawag ko. Bahagya siyang nagulat nang makitang napagbuksan ko na siya ng pinto. **"Tell me what's bothering you."**

"Nothing."

"Give me the keys," lahad ko. **"Ako na ang magpapalit ng gulong. Ihahatid ko bukas."**

Ngumiti siya. **"Thank you, babe."**

"Alam mo na ang kapalit," nakangisi kong tugon.

Magkahawak-kamay kaming tumuloy. Si Yaz ang nagbukas sa 'min. **"Bakit ngayon lang kayo?"** pagtataray nito. **"I'm all alone, nanood ng sine sina Zarnaih at Lee."** Sabay-sabay kaming naupo sa sala. **"Party ninyo na bukas, Pein. May isusuot ka na?"**

Kunot-noo ko siyang nginiwian. **"Ikaw ba ang designer niya?"** Pinagtaasan ako ng kilay ni Yaz. **"Ayoko nang masyadong maganda. At mas ayaw ko nang maikli, please."**

Humalakhak siya. **"Come on, hindi pwedeng hindi maganda ang mga kapatid ko bukas."**

"Whatever. Pero 'wag maikli. Hindi naman kailangang maikli ang isuot t'wing may party. Tch!" nagbabanta ang tinig kong sinabi. Nginiwian niya lang ako. **"Tara na sa 'taas, babe."**

"Wow, makayaya! Bahay mo?" nginiwian din ako ni Yaz. **"Enjoy!"** mapanuksong dagdag niya. Natawa na lang kami.

"Maupo ka muna." Itinuro ni Taguro ang kama saka lumapit sa cabinet. **"Maliligo lang ako."**

"Sige," nakanguso kong sagot.

Iginala ko ang paningin nang pumasok siya sa bathroom. Sangkatutak na poster ng mga banda ang nakadikit sa wall. Tanging Eraserheads, Rivermaya at Parokya ni Edgar lang ang kilala ko.

Tch. Bakit naman kasi naligo agad siya? Paano na ako kapag nagbihis na siya? Hindi naman pwedeng uupo lang ako. Syempre...tatayo ako! Tsk! Siguro...gusto niyang magpahalik, hehe! Hmm, Taguro...Taguro...Taguro... Kung ano-ano na namang kalokohan ang pumasok sa isip ko.

"Babe, sa 'baba na muna ako," kinatok ko siya.

"Sige!" pasigaw niyang tugon.

Magtutuloy na sana ako palabas nang muling matigilan. May natapakan akong nakausling bagay mula sa ilalim ng kama ni Taguro. Yumuko ako upang isilid sana iyon ngunit naantig niyon ang interes ko.

What's this?

Kulay itim ang pahaba, may kabigatan at maalikabok niyong kaha. *Siguro ay tako.*Bahagya ko pa iyong hinila saka binuksan ang zipper.

At gano'n na lang ang king gulat matapos makita ang laman niyon. *Espada?* Nagtataka kong nilingon ang bathroom. *Bakit naman siya may espada? Tch!*

"Ako 'to," dinig kong ani Taguro, nasa loob pa rin ng bathroom.

Dali-dali kong ibinalik ang espada sa kaha. Saka ko iyon itinago nang ayos sa ilalim ng kama.

"May loko-lokong bumutas ng gulong ko,"dagdag niya. **"Of course I need to know who did that. I'll see you on Sunday morning. Thanks. Bye."**

Natuliro ako nang may marinig na kaluskos. Babaling na sana ako papalabas nang bumukas ang pinto ng bathroom.

Damn it!

"Akala ko ay bumaba ka?" mahihimigan ang gulat sa kaniyang tinig.

"Nakabihis ka na ba, babe?" Hindi ko siya magawang harapin.

"Oo, pwede ka nang humarap." Nangunguwestyon ang tingin niya, inaalam kung may narinig ba ako o wala. **"Are you alright?"** tanong niya, nahalata ang pagkabalisa ko.

"I'm good." Pinilit kong tumawa. *But I'm curious about what I saw under your bed. I wonder why it's inside your room.*

Hindi niya inalis tingin sa 'kin. Kaya naman bago pa siya mag-isip ng iba ay lumapit na ako. **"Gusto mo na bang magpahinga?"** pag-iiba ko sa usapan. Bumuntong-hininga siya saka naupo sa kama. **"Uuwi na ako para makapagpahinga ka na."**

"Sige. Ingat. Tawagan mo ako bago ka matulog."

"Tulog ka na no'n."

"Magiging ako," ngisi niya. **"Mararamdaman ko kapag ikaw ang tumatawag."**

Hinawakan ko siya sa magkabilang braso saka inalalayang tumayo. Ikinulong ko sa parehong kamay ang kaniyang mukha. 'Ayun na naman 'yong mga kamay niyang awtomatikong kumakapit sa 'kin sa t'wing gano'n ang kilos ko.

Napapikit siya nang halikan ko ang kaniyang pisngi. Nakangiti ko siyang tiningnan. **"Bitin 'yong halik mo kanina, babe."**

"Ikaw ang humalik, hindi ako."

"Tch. Gano'n pa rin 'yon," asik ko. Ngumiwi siya. **"Pwede akong humingi nang matagal pang halik?"**

"Grabe," bulong niya.

Natawa ako at mas inilapit ang mukha ko sa kaniya. **"I'm going to kiss you now, ba—"**

"Oo na, bilisan mo, 'wag ka nang magpaalam," dere-deretsong aniya.

Hindi ko naiwasan ang matawa. **"Bakit nagmamadali ka?"**

"Tss."

"Gusto mo na rin akong mahalikan?" nakangisi kong tanong. Nag-iwas siya ng tingin. **"Hahalikan na kita. At binabalaan kita, magiging matagal 'to,"** dagdag ko.

Nakamot niya ang sariling ulo dahilan upang tumabingi ang kaniyang mukha. Nagkaroon ako ng tyansang masunggaban ang labi niya.

Nangiti ako sa higpit ng kapit niya. Nagpapatangkad siya sa t'wing bahagya akong lalayo. Doon ko napatunayang gusto niya rin ang halik ko. Humahabol siya papalapit. At muling papantay ang paa sa sahig kapag ako na ang lumapit.

Ilang beses kong ginawa 'yon hindi para asarin siya. Kundi para pasayahin ang sarili ko dahil alam kong hahabol siya.

Pasimple kong hinawakan ang pareho niyang braso upang isabit ang mga iyon sa balikat ko. At nang magtagumpay ako ay tsaka ko hinapit ang baywang niya papalapit.

Nangiti ako nang paghawakin niya ang parehong kamay sa batok ko. Dahilan para mapigilan ako sa akma pang paglayo. Hinawakan ko siya nang maigi saka maingat na naupo sa silya sa aking likuran. Iniupo ko siya sa aking kandungan. Lahat ng iyon ay nagawa namin nang hindi naghihiwalay ang mga labi.

Nalalanghap ko ang mabango niyang amoy. Dumarampi sa mga daliri ko ang hibla ng basang buhok niya.

Hinaplos ko ang kaniyang panga. Inalalayan ko ang kaniyang mukha upang huwag iyong mawala sa pwesto habang hinahalikan ko.

Hindi gaya ng dati, marunong na rin siyang kumilos at magkusa ngayon. Hindi ko na kailangang itabingi ang ulo niya para hindi ako mahirapan. Nagagawa niya na ang mga iyon kahit hindi ko pa siya alalayan. Hindi magaling humalik si Taguro. At hindi ko alam kung paano ko nasasabi iyon. Kung ako ang tatanungin ay walang kwenta ang halik niya, hindi ko lang talaga matiis.

Kung pwede lang na hindi na kami tumigil, magmamakaawa ako para mangyari 'yon.

Bumaba ang kamay ko papunta sa ibabang likuran niya, lalo siyang inilapit sa 'kin. Napaliyad siya. Nagdulot iyon nang kakaibang pakiramdam sa 'kin. Bahagya akong kinabahan.

Habang tumatagal ay lalong lumalalim ang mga halik namin. May kakaibang pakiramdam talaga iyong naidudulot sa 'kin. At sa tingin ko ay

alam ko na kung saan iyon nanggagaling. Ngunit ayaw kong tukuyin.

Kaya ako na mismo ang huminto.

"Wow," namamanghang aniya, nanlalaki ang mga mata, hindi makapaniwala. **"Parang ngayon lang natin ginawa ang gano'n katagal."** Halatang nahihiya siya. **"Sa 'kin mo lang gagawin 'yon, ah?"**

Pilit na ngiti ang naiganti ko. *Hindi ko na yata pwedeng ulitin 'yon, babe. Natatakot akong mabastos ka.* Napabuntong-hininga ako sa isiping 'yon. **"Mauuna na ako, babe,"** hindi akma ang naisagot ko.

Sandali siyang natigilan saka pilit na ngumiti. Agad siyang tumayo at yumakap nang mahigpit sa 'kin.

"I love you, babe," bulong ko, hinahaplos ang likod ng buhok niya. **"Your kiss tastes sweeter than honey,"** nangingiting dagdag ko.

Pinalo niya ang balikat ko. **"Sige na, late na. Magkikita pa naman tayo bukas."** Lumayo siya at ngumiti. **"I love you, too."**

"I love you more."

Tinapik niya ako sa balikat, itinataboy na paalis. Nakangiti ko siyang pinagmasdan. Kamalas-malasang nahinto ang paningin ko sa kaniyang labi. Nakagat ko ang sariling labi habang nakangiti.

"Tama na, babe," kunot-noong aniya.

Natawa ako. Hinalikan ko ang pisngi niya saka siya yinakap nang mahigpit. **"Mahal na mahal kita, Taguro. Lahat-lahat sa 'yo ay mahal na mahal ko."**

"Ako rin."

Hindi na ako sumagot pa. Sa halip ay muli ko siyang hinalikan sa noo at pisngi. Saka ako tuluyang nagpaalam. Napakahirap niyang iwanan.

Hindi ko nagawang umalis agad. Sandali pa akong nanatili sa kotse, nakatanaw sa bintana ng kwarto niya. Hindi mawala sa isip ko ang kakaibang pakiramdam na 'yon, ngunit agad ko ring pinalis.

Damn, I want to touch her. Gusto ko nang higit pa ro'n.

Napabuntong-hininga ako sa sariling naisip. Alam kong mali iyon at hindi dapat.

You need to fix yourself, Deib Lohr. Hindi pwede ang naiisip at nararamdaman mo. Paulit-ulit kong itinatak iyon sa isip. Paulit-ulit hanggang sa masaulo ko at makalimutan.

Nang makauwi ay tinawagan ko si Taguro. Pero hindi niya na sinagot iyon. Natawa na lang ako sa kayabangan niya. Inaasahan ko nang hindi siya magigising sa tawag ko.

Tanghali na akong nagising kinabukasan. Matapos mananghalian ay inasikaso ko ang motor ni Taguro. Nang maghapon naman ay inabala ko ang sarili sa kahihintay na mai-deliver ang suit na in-order ko.

Alas otso na ng gabi nang tawagan ako ni Taguro. **"Nandito na ako sa school."**

"I see. I'll be there in five minutes, babe."

"I miss you," emosyonal niyang sinabi. Kagat ang labi akong nangiti. **"Sige na. Tumawag lang ako para alamin kung pupunta ka."**

"I love you, Taguro."

"Mm," ang tanging tugon niya saka ibinaba ang linya. Napailing na lang ako.

Dumaan ako sa flower shop para sa bouquet of roses. Saka dumeretso sa BIS. Agad kong tinawagan si Migz nang makarating.

"I'm here," pahayag ko.

"Good! You're just in time, Mister Enrile," masayang ani Migz. **"Nandito na ang makakasama mo. See you!"** Nagmamadali niyang ibinaba ang linya.

Makakasama? Hindi ko alam na may makakasama ako? Napabuntong-hininga na lang ako.

Sinadya naming ilihim ni Migz ito kay Taguro at sa iba pa naming kaibigan. Pareho naming gusto na masorpresa ang lahat, lalo na si Taguro.

Marami nang estudyante nang makapasok ako. Nasa stage narin si Migz at mukhang kanina pa nagsimula.

"Are you guys ready to meet our special guests for tonight?" aniya sa mikropono.

Agad na nangibabaw ang nakabibinging hiyawan ng mga estudyante. Agad akong sinalubong ni coach at pinaderetso sa backstage.

"Yes, 'no? Yes! Panigurado bang maglalaway ang kalalakihan at kekerengkeng ang kababaihan kapag nakilala ang mga ito? Expected ko na 'yan, 'wag nang tumanggi,"biro niya **"Are you guys ready?"** mas malakas na sigaw niya.

"Yes!" Mas dumagundong ang hiyawan. May mga pumipito pa. **"Bilisan mo, bakla!"**

"Huwag ninyo akong mabakla-bakla at baka ihinto ko ang party!" nagbabantang biro niya. Pumalahaw sa tawa ang karamihan.

Nangibabaw ang mabagal, may kahinaang kanta. Hudyat na ipapakilala na ni Migz ang guests.

"Our first special guest is a new student from the department of Engineering. She has such good taste in fashion, and is always well dressed. Kaya naman hindi kataka-takang nakuha siya para sa special nating event."

Agad na nangibabaw ang pagpito ng mga lalaki, wala pa mang naipapakilala si Migz. Naisip ko naman kung sino ang posibleng guest na tinutukoy ni Migz.

"For sure hindi tayo magsisisi once na pumili siya ng Face of the Night. At kapag kayo ang napili, itaas ang mukha at huwag humarap sa lupa! Ipangalandakan mong napili kang Face of the Night ng isang kilalang sosyalera sa bansa!"

Muling nangibabaw ang tawanan.

"Our next special guest is very close to our hearts, in the heart of BIS. I'm sure you'll celebrate even more once you get to know him, most specially you, girls! But don't dare because this guy is taken and reserved."Napangiti ako sa sinabi niya. **"So to get this party started, may I introduce to you our special guests for tonight."**

Muling nangibabaw ang hiyawan. Naging mas maingay ang lugar. Hindi ko naman malaman kung anong hudyat upang umakyat na ako sa stage. Gayong hindi ko naman nakikita ang special guest na makakasama ko.

"Are you ready?" Bigla ay nangibabaw ang pamilyar na tingi ng babae sa likuran ko. Nagugulat ko itong nilingon. **"Surprise! We're the special guests."**

"What?" Hindi ko maipaliwanag ang inis na namuong bigla sa dibdib ko.

"Let's give a round of applause for Miss Eerah Anitha Rewis and Deib Lohr Enrile,"anunsyo ni Migz.

No way! Hindi ko nagawang kumilos.

Mas tumindi ang sigawan. Nalaman na kasi ng mga babaeng estudyante na isa ako sa special guest.

"You're quite popular," nakangiwing ani Eerah Anita. Nagulat ako nang kusa niyang isampay ang braso sa akin.

"Enrile, let's go!" pagtawag ni coach dahilan upang matinag ako.

Wala akong nagawa kundi ang alalayan si Eerah Anitha papunta sa stage. Kinailangan ko pa siyang hawakan sa kamay dahil sa nagtataasan niyang takong. Lalong nagtilian ang mga babae nang tapatan kami ng spotlight.

"Thank you," bulong niya, sinadyang lumapit sa aking tainga. Inis ngunit pasimple akong umiwas.

Noon ko lang naramdaman kung gaano kaliit ang stage na 'yon dahil sa presensya ng babaeng ito. Bukod sa grand piano.

I didn't expect this to happen. Damn it!

Napakarami pang sinabi ni Migz ngunit hindi ko na naintindihin ang mga iyon. Hindi mapakali ang mga mata ko sa kahahanap kay Taguro. Nag-aaalala ako. Nasisiguro kong gaya ko ay nagulat din siya. Imbes na siya ang sorpresahin ko, pareho kaming nasorpresa. Kung alam ko lang na ganito ang mangyayari ay sinabi ko na sana sa kaniyang isa ako sa guests.

Panay ang ngiti at kaway ni Eerah Anitha. Patuloy naman ako sa paglinga. Noon lang naging ganoon kahirap na mahanap si Taguro. Nakita ko na ang mga kaibigan niya, maliban sa kaniya. Hindi ko rin inaasahang nandoon sina Lee at Tob, pare-pareho silang may nagtataka at nanghuhusgang tingin sa 'kin. Pero hindi ko na nagawang isipin 'yon. Walang ibang mahalaga sa 'kin ngayon kung hindi ang nararamdaman ni Taguro.

"Smile, Deib Lohr," pabulong na ani Eerah Anitha.

"What the hell are you doing here?" hindi ko naitago ang inis.

Binale-wala ko ang gulat niya. **"Your grandfather, Dean Enrile, asked me to do this, Deib Lohr. Pumayag ako."**

"Dahil alam mong special guest din ako?" sarkastikong tanong ko na sinadyang lingunin siya. Gusto kong kilabutan sa nakakaloko niyang ngiti. **"Stay away from me."**

"Why, because your girlfriend is here?"

"Because you disgust me," mariing sagot ko. Sinadya kong ibaba ang braso ko dahilan upang dumulas palayo ang kamay niya.

"You don't really have to be this mean, you know?" Sinabi iyon ni Eerah Anitha nang matamis ang ngiti, kumikinang ang mga mata, nasa lahat ang paningin. **"We're in front of everyone, be professional."**

Inabot ni Migz ang mikropono kay Eerah Anitha. Sumimple naman ako ng lapit. **"Where's Maxpein?"** bulong ko.

Sa halip na sagutin ay sinuyod niya ng tingin ang kabuuan ko. **"Wala kang kupas, Mister Enrile. Gwapo at sikat na sikat sa BIS girls!"**

"Nasaan si Taguro?" kunot-noo nang tanong ko.

Napaiwas siya saka natawa. **"I'll introduce their group once you're done speaking."**

Gano'n nga ang nangyari. Matapos magsalita ni Eerah Anitha ay ako naman ang nagpakilala. Inihatid kami ni Migz sa magkatabing silya sa gitna ng entablado. Mula ro'n ay natatanaw namin ang lahat ng estudyante.

"Let us now give a big round of applause for the BIS dance troupe!" anunsyo ni Migz.

Nakapangingilabot ang lakas ng hiyawan at dagundong ng ingay. Hindi ko naiwasang mapangiti nang tugtugin iyong nauusong kanta ng N'Sync, Bye Bye Bye.

'Ayun na naman iyong smoke effects bago lumabas ang mga myembro. Isa sa mga trademark ni Aenna ang maaarteng panimula sa pagsasayaw.

Panandaliang nawala ang init ng ulo ko. Bigla ay nanabik akong mapanood muling sumayaw si Taguro. Hindi ko pa man siya natatanaw ay nangingiti na ako.

Nauna ang mga lalaki na animong mga robot kung kumilos. Humilera sa harapan ang mga ito at bumuo ng pabaliktad na letrang "U".

Mas tumindi pa ang smoke effects nang lumabas si Taguro. Lalo rin akong napangiti.

Si Taguro ang nasa gitna ng mga ito. Kahit yata takpan niya ang mukha ay makikilala ko siya. Dahil sa kakaiba niyang tindig at kilos, maangas.

Mas magaan ang pagsasayaw niya ngayon, paniguradong dahil sa pagbaba ng timbang niya. Napakasuwabe ng kaniyang galaw, bihasa ang mga kilos. Nakakamanghang pagmasdan at parang bago lang ito nang bago sa paningin ko.

Lalo akong nai-in love sa 'yo, Taguro. Tsk! Nakangiti kong kinagat ang labi.

"Oh, so the girlfriend is a dance troupe member?" sarkastikang ani Eerah Anitha. Hindi ko hinayaang masira niya ang mood ko. **"She's good. Oh, no, erase that. She's stunning and a great dancer!"** walang bahid ng sarkasmo ang paghanga sa kaniyang tinig. Ngunit hindi man lang nabura no'n ang inis ko.

Sa halip na pansinin siya ay itinuon ko lalo ang paningin kay Taguro. At muli ay napangiti ako. 'Ayun na naman kasi iyong kapangyarihan niyang dalhin sa ibang dimensyon ang sinumang nanonood.

"But I think they look good together,"hindi talaga mahinto si Eerah Anitha, nang-aasar.

Naantig niya ang interes ko. Kunot-noo kong sinulyapan kung saan nakapako ang paningin niya. At gano'n na lang ang gulat ko nang makitang

si Lovemir iyon.

Magkaharap sina Lovemir at Taguro. At mayamaya pa ay naghawak ang mga ito ng kamay at sabay na kumaway dahil sinabi ng kantang "bye, bye, bye".

Damn it. Nagtama ang paningin namin ni Taguro nang humarap sila sa gawi ko. Gusto kong magtaka dahil mukhang nagulat pa siya. *Hindi ba niya narinig ang pangalan ko kanina? Tch!* Lalo akong naiinis sa t'wing maghahawak sila ng kamay ni Lovemir. *Hindi mo sinabi sa'kin na kailangan niyo palang maghawak ng kamay. Tsk!*

Pakiramdam ko ay trinaydor na ako ni Taguro nang dahil sa simpleng bagay na iyon.

Sinasabi ko sa kaniya ang lahat sa 'kin pero bakit hindi niya ginagawa 'yon? Napailing ako sa sarili kong isipin. *Relax, Deib Lohr, this isn't the right time to act like that. Pang-intindi ang kailangan niya at hindi ang init ng ulo mo.*

"I don't know why I sense something between them," muling ani Eerah Anitha, talagang nang-aasar. **"Do you think there's something between them?"**

"Will you just shut up?" angil ko.

Humalakhak siya, nakakainsulto. **"Why are you so angry? Do you feel it too?"**

"What the hell?"

"Look, they've got positive chemistry. They click together."

"Shut the fuck up," banta ko, masama na ang tingin, nakakuyom ang mga palad.

Inis kong tinanaw muli si Taguro. *I need your explanation, babe. Kailangan ko 'yon ngayon kahit pa magmakaawa ako. Nagseselos ako.*

OceanofPDF.com

CHAPTER 178 : ACQUAINTANCE PARTY

MAX'S POV

HINDI ko maintindihan kung bakit magkasama sina Sensui at Eerah Anitha. At kahit anong ngiti ko ay alam kong naiinis ako.

Nahirapan na akong ituon sa pagsasayaw ang atensyon nang dahil do'n. Salamat na lang at patapos na rin iyon.

Talon dito, galaw d'yan. Para-paraan upang mapahanga ang mga matang nakatuon sa 'min. Hindi naman kami nabigo. Kumikinang sa paghanga ang mga mata ng nanonood.

Sabay-sabay kaming huminto sa gitna, bahagyang nakatagilid at pantay ang pagkakatayo. Nagpalakpakan ang audience. Ang iba ay tumayo pa at sumuntok sa ere sa sobrang paghanga.

Ang dance number na iyon ay nasundan pa ng dalawa bago kami tuluyang huminto at palakpakan nang bongga.

Sigaw rito at sigaw riyan ang natanggap namin. Standing ovation para sa simpleng panimula ng party na ito. Nagawa na naming umalis sa pwesto pero patuloy pa rin sa pagpalakpak ang mga tao.

Naghawak-hawak kami ng mga kamay at sabay sabay na tumango sa mga manonood sa kaliwa, kanan at pinakahuli ay sa gitna.

Muling umakyat si Migz sa stage, kumikislap ang mga mata sa bilib at paghanga. Ginawaran ko siya ng tipid na ngiti.

"A round of applause for the BIS dance troupe!" pumapalakpak na gumitna sa entablado si Migz. "Are you ready to meet the newest member of their troupe?"

Naghiyawan ang mga babae at ilan sa mga lalaki. Ang halos lahat ng paningin ay natuon kay Lovemir na noon ay marahan nang nagtatago sa likuran ko.

Ngunit kahit anong tago niya, madali siyang makita dahil mas matangkad siya kompara sa karamihan ng mga naro'n. Mabilis din siyang nakita ni Migz.

"Please come here in front and introduce yourself to everyone, Mr. Limaco," anyaya ni Migz. Wala pa man ay nagtilian na ang mga babae

at bakla.

Kataka-takang nilingon pa muna ako ni Lovemir bago lumapit dito. Sa halip na pansinin iyon ay palihim ko nalang na sinulyapan si Sensui. Napangiwi ako sa sama ng pagkakatitig niya sa akin.

Inano ko na naman kaya ang isang 'to? Tss.

"Hello, good evening—" Hindi maipagpatuloy ni Lovemir ang sinasabi dahil sa nakabibinging tilian.

"Magsikalma kayo, hindi available ang ambulansya rito," biro ni Migz. Ngunit hindi gano'n kadaling pakalmahin ang mga estudyante. "Students, pagsalitain ang baguhan at baka talikuran kayo niyan. 'Wag masyadong lumandi, bawas poise kapag nahulugan ka ng panty!" banta niya, natawa ang lahat.

"My name is Lovemir Limaco. I'm a senior student and the newest member of the BIS dance troupe." Mas nangibabaw pa ang tilian matapos niyang magsalita. Animong may sikat na sikat na artista sa aming harapan.

"Oh, yes, 'no? Yes! Gwapo nga si Lovemir at nakikita ng karamihan 'yan. 'Wag nang ipagsigawan, naiilang tuloy siya. Anyway, again, welcome to BIS, Lovemir," ani Migz na nakipagtanguan pa rito tsaka muling humarap sa audience. **"Naipakilala ko na ang special guests at sumayaw na rin ang BISDT. Now, handa na ba kayong pagliyabin ang dance floor?"**

"Yes!" sabay-sabay na sigaw ng mga estudyante.

"Then grab your partners and bring them to the dance floor!" hudyat ni Migz. Awtomatikong nagsipagtayuan ang karamihan upang simulan ang sayawan.

Nangibabaw ang malakas na tugtugin mula sa stereo. Nilingon ko si Sensui bago bumaba ng stage. Kinakausap siya ni Eerah Anitha. Pero dahil nakasimangot siya ay batid kong hindi niya nagugustuhan anumang sinasabi nito.

"Special guest ang boyfriend mo." Bigla ay nangibabaw ang tinig ni Lovemir. Nilingon ko siya ngunit hindi sinagot. **Nakaharang siya sa daan pababa ng stage**. Nakatanaw rin siya sa dalawa. **"Kung alam ko lang na magiging special guest siya, sana pala ay pinilit na lang kitang maging date ko. Tutal, mukhang nag-e-enjoy naman siya sa kasama."**

Pinagkunutan ko siya. "Bakit?"

"Anong bakit?"

"Sa dami ng babae, bakit ako?"

"Dahil wala akong date."

"Pwede namang iba, hindi ba?"

"Ang kaso ay ikaw lang ang nakakasama ko nang madalas dito. Hey, don't me wrong, you're not my type."

Matunog akong ngumisi. "'Wag mo na akong pag-aksayan ng oras kung gano'n. Hindi ako interesado sa ibang tao. May boyfriend man ako o wala, hindi ko kailangan ng kapareha sa party na 'to."

Humalakhak siya. "Kailangan mo ba talagang maging ganito kaprangka?"

"Tss."

"I'm sorry if I have offended you. That was not my intention," sinserong paumanhin niya. **"I didn't mean it like that."**

"Okay," iyon lang at tinalikuran ko na siya.

Ngunit muli akong natigilan nang mangibabaw ang tinig ni Sensui. "Babe,"sambit niya. Katabi niya na si Lovemir nang malingunan ko.

"Babe," pabulong kong sambit.

Nilingon niya si Lovemir bago bumaling sa 'kin. **"Kumain ka na?"**

"Hindi pa."

"Let's go, I'll join you."

Tinanguan ni Sensui si Lovemir bago lumapit sa 'kin. Inalalayan niya ako pababa ng stage dahilan upang muling mangibabaw ang hiyawan. Hindi ko akalaing matutuon pa sa 'min ang mga paningin gayong abala na ang karamihan sa pagsayaw.

Sa kabila ng samut-saring hiyawan at kantiyawan ay hindi man lang nagawang ngumiti ni Sensui. Ni hindi niya rin nagawang lingunin upang tingnan kung sinu-sino ang mga iyon. Blangko ang mukha niya habang inaalalayan ako papunta sa cater.

"What time did you arrived here?" tanong niya habang inaabot ang plate mula sa server.

"Kanina pang alas-sais sa totoo lang."

"Bakit hindi ka kumain?"

"Nag-meeting pa kami. Kaya late na rin kitang natawagan."

"Kung gano'n, kanina mo pa pala kasama ang asungot na 'yon?" pinipigilang magtunog-sarkastikong tanong niya.

"Sinong asungot?" batid kong si Lovemir ang tinutukoy niya ngunit nagmaang-maangan ako.

"Hindi mo sinabi sa 'kin na magkakahawak-kamay pala kayo, nakakatuwa, Taguro," mapaklang aniya, natigilan ako. **"Gusto mo ba nito?"** kunot-noong tanong niya habang nakaturo sa steak.

"Oo, please," napapahiyang tugon ko.

Paano na lang kapag napanood niya na iyong intimate number? Tsk!

Pakiramdam ko, ngayon palang ay nagsisisi na ako kung bakit hindi ko sinabi. Tuloy ay wala akong magwa kundi ang makonsensya at bumuntong-hininga.

"Sensui, that's too much," wala pa man ay nabibilaukan na ako sa dami nang pagkaing kinuha niya. "Marami pa kaming sasayawin."

"Sa ating dalawa 'yan," malamig niya pa ring sinabi.

Dumeretso kami sa mga kaibigan namin, sa harap ito mismo ng stage. Syempre, hindi nawala ang mga papuri nila sa performance ko. Nakakatuwang isipin na magkakasama na naman kami at buo. Hindi namin alintana ang mga sumasayaw. Masaya naming pinagsaluhan ang pagkain.

Pinanood kong humiwa ng steak si Sensui. "Here," isinubo niya iyon sa akin at kasunod ay rice. Inalis niya pa ang kanin na sumabit sa labi ko. **"Nguyain mong maigi."Napangiti ako ngunit sinirangan niya lang iyon.**

"Bakit parang ang sama ng mukha mo, 'dre?" tatawa-tawang baling ni Tob kay Sensui.

Sinamaan ako ng tingin ni Sensui. "Tch. Naba-badtrip ako dito," itinuro niya ako. "So marami pa pala kayong sasayawin?"sarkastikong aniya.

Nagtawanan ang mga kasama namin, natunugang nagseselos siya. Ngunit hindi man lang ngumuso si Sensui gaya nang nakasanayan kong reaksyon niya sa t'wing aasarin ng mga ito.

Galit talaga siya.

"Babe, 'wag kang mag-isip ng kung ano-ano, please?" seryosong pakiusap ko. Pero sinubuan niya lang ulit ako ng pagkain saka nag-iwas ng tingin. **"Babe..."**

"Hindi mo alam kung ano ang nararamdaman ko, Taguro," nakangiwi ngunit mahinahong aniya. "Alam kong hindi mo maiintindihan kapag sinabi kong nagseselos ako." Sa sobrang seryoso niya ay natahimik ang lahat ng nasa mesa, nagpanggap na abala at walang naririnig.

"Pero sobra naman yata ang pagseselos mo?" nakangusong tugon ko.

Natigilan siya sa muling pagsubo ng pagkain sa 'kin. Nag-aalangan akong sabihin iyon pero hindi ko na napigilan ang sarili ko.

"Dance troupe kaming pareho. Parte iyon ng itinuro sa 'min ni Aenna. Sana ay maintindihan mo muna bago ka makaramdam ng kakaiba," nakikiusap kong paliwanag. Napapailing siyang sumandal.

Nangibabaw ang tensyon sa mesa namin, nagpapakiramdaman. Kani-kaniyang bulungan na lang sa katabi. Nagtuloy na lang kami sa pagkain ni Sensui.

"Kumain ka pa," aniya na pinaghimay pa ako ng hipon, nang walang tinginan, walang lingunan.

Tsk.

Gusto kong mainis pero alam kong mas maraming maiinis sa 'kin. Hindi ko mahanap ang dahilan ng pagseselos niya. Kung tutuusin ay napakababaw na rason niyong pagkakahawak namin ng kamay ni Lovemir. 'Buti sana kung ginusto naming pareho iyon. Ang kaso ay iyon talaga ang steps.

Nang hindi makatiis ay gumawa ng dahilan ang mga kaibigan namin para maiwan kami sa mesa. Agad akong kumilos. Pasimple kong hinawakan ang kamay ni Sensui sa ilalim ng mesa. Nilingon niya ako bago tumingin doon. Naramdaman ko nang haplusin niya ang kamay ko.

"Sorry na," mahinang sambit ko. Agad na lumambot ang kaniyang hitsura saka bumuntong-hininga. **"Alam mo namang hindi ko ugaling magsabi, 'di ba?"** Sumimangot na naman siya at nag-iwas ng tingin. **"Babe, sorry na. Please?"**

"May magagawa pa ba naman ako, eh, nangyari na?"

"Kaya nga sorry." Pinisil ko ang kamay niya. **"May sasabihin pa 'ko."**

Pinagkunutan niya agad ako. "What is it?" pabuntong-hininga niyang tugon, ubos na ang pasensya.

Napailing agad ako saka huminga nang malalim. **"Si Aenna kasi, bumuo ng panibagong dance steps—"**

"Mr. Lovemir Limaco!" Hindi ko naituloy ang sasabihin nang bigla ay isinigaw ni Migz iyon.

Sabay kaming napatingin ni Sensui sa stage. Agad na nangibabaw ang tunog ng piano. Ang kaninang grand piano na pahirapang iniakyat doon sa stage bago pa man magsimula ang party na ito. Hindi ko naiwasan ang mapatitig sa likuran ni Lovemir habang tinutugtog ang hindi pamilyar sa

'kin na pyesa. Nawalang bigla ang hiyawan dahil sa malumanay na tugtuging ginawa niya.

Simula pa lang ay kahali-halina na sa pandinig. Maaagaw talaga ang atensiyon mo. Hihikayatin kang pakinggan at alamin ang kakantahin niya.

Would have given all my life for you
Guess it's true what they say about love, it's blind
Girl, you lied straight to my face
Looking in my eyes
And I believed you
'Cause I loved you more than life.
And all you had to do was apologize.
You didn't say you're sorry
I don't understand.
You don't care that you hurt me,
And now I'm half the man that I used to be
When it was you and me,
You didn't love me enough
My heart may never mend,
And you'll never get to love me again.

Napakaganda ng boses ni Lovemir. Napakaemosyonal at hindi ko talaga maiwasan ang humanga. Iba't ibang pakiramdam ang mararamdamang bumabalot sa kaniya habang lunod sa pagtugtog at pagkanta.

Iyon ang unang beses ko siyang narinig na tumugtog. Noon ko palang din maririnig ang boses niya sa pagkanta. Hindi ko pa siya nakitang mag-ensayo dahil iba ang hall ng BIS band at dance troupe. Pakiramdam ko tuloy ay noon lang ako humanga.

Nangibabaw ang katahimikan at tanging tinig niya, bukod sa piano, lang ang nangibabaw. Napakalamig niyon sa pandinig.

Napapapikit siya habang inaawit ang mabibigat na linya ng kanta. Nakakahawa ang emosyong inilalabas niya at sa hindi maipaliwanag na dahilan ay may mararamdamang sakit. Hindi ko pa iyon naramdaman sa kahit na sinong mangangantang napanood ko nang live o sa TV man lang.

Para bang sa kaniya nangyari ang lirikong inaawit niya. Kakaiba talaga ang emosyon niya, iyon lang ang masasabi ko.

Sadness has me at the end of the line.
Helpless watched you break this heart of mine.
And loneliness only wants you back, here with me.

Common sense knows that you're not good enough for me.
And all you had to do was apologize and mean it.
But you didn't say you're sorry,
I don't understand.
You don't care that you hurt me,
And now I'm half the man that I used to be
When it was you and me,
You didn't love me enough.
My heart may never mend
And you'll never get to love me again.

Nangibabaw ang malungkot na bulungan, sumisinghot pa na animong umiiyak ang ilan. Paniguradong higit pa sa nararamdaman ko ang nararamdaman nila. Lalo na iyong mga humahanga talaga kay Lovemir.

Nasanay akong wala siyang emosyon at hindi palakibo. Kaya siguro humanga ako kahit sa mababaw na paraan.

Ang bridge ng kanta ay inawit niya nang nakapikit habang nakakunot ang noo na animong *nasasaktan* talaga. Dahilan upang lalong mangibabaw ang emosyong inilalabas niya at mahawa ang mga tutok na manonood.

Ako mismo ay napakunot ang noo habang pinagmamasdan ang mukha at bihasang kamay niya. Parang napakasakit, ang sakit-sakit.

Hanggang sa tapusin niya ang kanta. Ultimong huling tipa nito sa keyboard ay emosyonal pa rin sa sarili niyang pamamaraan. Nakakabilib talaga.

"Wow," namamangha ring ani Migz nang lumapit kay Lovemir. Sandaling nagtuloy-tuloy ang bibig niya sa pagsasalita, pinaulanan ito ng papuri. **"Grabe, ang ganda ng boses mo, Lovemir! Nakaka-in love! Ang hirap mag-move on!"** animong kinikilig pang aniya, hawak ang sariling dibdib.

"Thank you," tugon ni Lovemir, nakaupo pa rin sa harap ng piano.

"Napanganga ako sa pagsasayaw mo pero nitong kumanta ka, doon palang tumulo ang laway ko. Wow!"

"Thank you so much, Migz." Halatang nahihiya si Lovemir sa sunod-sunod nitong papuri.

"Tch," dinig kong asik ni Sensui dahilan upang lingunin ko siya. Nakatingin na siya sa 'kin. **"Walang nakakatawa sa ginawa niya. 'Wag kang ngumiti na parang tuwang-tuwa, Taguro."**

Pinagkunutan ko siya. "Kay Migz ako natutuwa. Babe naman? Kaso-sorry ko lang," malambing kong sinabi.

"Exactly, you just said sorry and here we are again. Kung titigan mo si Lovemir ay parang nai-in love ka na."

"Deib?" asik. **"Ano ka ba naman, bakit ganiyan ka magsalita? Nanonood lang ako at normal lang na mapangiti ako dahil sa mga biro ni Migz."**

"Tch! Ang sabihin mo ay humahanga ka sa Lovemir na 'yan."

"What's wrong with that? Migz is right, he's really good," sinikap kong maging malumanay. "Babe, please. 'Wag kang magselos sa ganitong paraan. Hindi nakakatuwa."

"Yeah, right," mapaklang aniya saka nag-iwas ng tingin. **"You asked me last time if I play piano. I forgot you're interested in it."**

Humugot ako nang malalim na hininga. "Don't talk to me like that. Hindi dahil sinabi ko 'yon ay pag-iisipan mo na ako nang ganiyan." Nag-iwas siya ng tingin. "'Wag mong lagyan ng malisya 'yong paraan ng pagtingin ko, please. I'm telling the truth. He means nothing to me," paniniguro ko. "Humanga man ako sa talento niya, hanggang doon lang 'yon. Kaunting pang-intindi, Sensui."

"You're asking for understanding but you don't understand my own feelings? What makes it hard for you to understand that I'm jealous of him?"

"Bakit, ginanyan ba kita pagdating kay Eerah Anitha?" hindi ko na napigilan ang sarili ko. Natigilan siya. **"Hindi naman, 'di ba? Hindi pa ba pag-intindi 'yon?"** Nag-iwas siya ng tingin. **"Bakit nga ba kasama mo 'yan?"**

"Hindi ko alam."

"Tss. Kalokohan."

"'Wag mong ibato sa 'kin ang usapang ito, Taguro. Ikaw ang pinag-uusapan natin, paanong napunta sa 'kin?"

"Sinasabi ko lang na pareho tayong—"

"Anong pareho ro'n?" inunahan niya ako. "Hindi ko tiningnan si Eerah Anitha nang may paghanga gaya ng pagtingin mo sa Lovemir na 'yan," singhal niya sa mataas na tono. Dahilan upang mapalingon sa 'min ang ilan sa mga nasa malapit.

Sinamaan ko siya ng tingin, nilabanan niya iyon nang higit pa. **"Babe, please, stop thinking like that. Sobra ka kasi kung magselos kaya**

ganiyan ang naiisip mo."

"Tch. Wala akong pagseselosan kung wala akong nakikita, Taguro," mahinahon ngunit sarkastikong aniya.

"Babe, I was just watching! What do you want me to do? Ang maupo na lang sa isang sulok at walang pansinin at tingnang tao bukod sa 'yo? Napaka-unreasonable mo naman. Wala ka sa lugar kung magselos. Hindi ka na nakakatuwa."

"Taguro?"

"Tss. Sige na, umakyat ka na ro'n sa stage para makasama mo na 'yong babae mo," nagagalit nang pagtataboy ko. Bigla ay nainis ako at iyon ang nasabi.

Natitigilan niya akong pinagkunutan ng noo. **"'Wag mo 'kong galitin, Taguro,"** seryosong aniya.

Kinabahan ako pero hindi ako nagpahalata. **"Mauuna na ako, may sayaw pa kami."**

Tumayo ako ngunit pinigilan niya ang aking braso. "We're not yet done talking."

"Paano kita kakausapin, inaaway mo ko?"

"Dahil gumagawa ka ng dahilan para mag-away tayo."

"Ikaw lang. Dahil d'yan sa maruming isip mo. Tsk."

"That's why you're leaving me?" walang emosyong tanong niya saka binitiwan ang kamay ko. Bahagya akong natigilan at nag-iwas ng tingin. **"Go ahead, go wherever you want."** Tumayo siya at akmang maglalakad palayo nang pigilan ko.

"Where are you going?" Nababaliw na yata ako. Kanina ay ako ang gustong umalis. Ngunit heto at nagkabaliktad na naman ang sitwasyon namin.

"Wala ka namang pakialam, 'di ba?"

"Wala akong sinabing gano'n,"nagbabanta ang tinig ko.

"Pinaramdam, meron."

"Sensui?"

"'Wag mo na akong pigilan, Maxpein, mukhang ako na naman ang may mali."Nagbaba siya ng tingin.

"Pero 'wag kang umalis."

"Iiwan mo na rin naman ako, ano'ng gagawin ko dito?"

"Let's talk," napapahiya kong sabi.

"Nawalan na ako ng gana."

"Paano na ako?"

"Kaya mo naman ang sarili mo, 'di ba?"

Natigilan ako at hindi nakapagsalita. Naibaba ko ang tingin at ilang beses na kumurap. Naramdaman ko ang mabilis na pangingilid ng mga luha ko, I know I'm hurting. Wala sa sarili ko siyang tinalikuran. Saka ako naglakad papalayo.

Hindi ko na siya nilingon pa. Hindi na rin ako nag-isip pa. Maski sa isip ay ayaw kong magkomento.

Nakahanda na ang lahat nang makarating ako sa backstage. Kasunod ko na pumasok si Lovemir. Agad akong umiwas.

"Once again, the BIS dance troupe!" Nanlumo ako nang bigla ay ianunsyo iyon ni Migz.

'Ayun na naman ang nakabibinging ingay nang lumabas kami. Gaya kanina ay nakikita ko na naman ang tunay na paghanga sa mga mata nila.

Pasimple kong iginala ang paningin. Umaasa akong panonoorin pa rin ako ni Sensui dahil alam kong hindi niya ako matitiis. Pero nabigo ako. Hindi ko siya makita.

Kapag sinabi ko palang kaya ko na ang sarili ko ay wala ka nang pakialam sa 'kin? Tss.

Gusto kong mamanhid ang buong katawan ko nang dahil sa isiping iyon.

Pakiramdam ko tuloy ay naging mabigat ang pagsayaw. Naging mabagal ang tugtog at sa isip ko'y hinihiling ko nang matapos iyon.

Humarap kami sa kaliwa at mula sa gilid ng paningin ko ay nakita kong bumaba ng stage si Eerah Anitha. Hindi ko naiwasan ang mapailing dahil may namumuong hinala sa isip ko. Gusto kong bilisan ang pagkilos na animong magagawa niyong tapusin agad ang kanta.

Masuwerte namang kahit na gano'n ang nararamdaman ko ay hindi ako nagkamali sa dance steps. Naging successful ang sunod-sunod na performance namin.

Agad akong bumaba ng stage at doon ipinagpatuloy ang paghahabol ng hininga nang matapos ang huling kanta.

"Here, drink this." Nangibabaw ang tinig ni Lovemir sa tabi ko. Hinihingal din siyang gaya ko nang mag-angat ako ng tingin.

Hindi ko na tinanggihan pa iyon dahil sa uhaw. **"Salamat."**

Ilang saglit pa ay pumasok ako sa maliit na espasyo na siyang nakalaan bilang palitan ng damit. Nang makalabas ay nakapagpalit na rin si Lovemir. Pareho na kaming handa sa intimate dance number.

"How's my performance?" tanong niya sa gitna ng katahimikan. **"With the piano."**

Naupo pa siya sa mismong harapan ko. Kinabahan ako at napalinga, hinihiling sa isip ko na sana ay wala sa paligid si Sensui.

"Ayos naman."

"Ayos *lang*?" nakangiting tugon niya na animong umaasam pa ng iba.

"Magaling ka," tugon ko. Ngumiti siya, ngiting pinipigilang lumaki. Nag-iwas naman ako ng tingin saka tumayo. **"Salamat dito."**

Maglalakad na sana ako palabas nang humabol siya. **"Can we dance?"**

Halos kilabutan ako nang maramdaman ko ang hininga niya sa aking tainga. Awtomatiko ko siyang naitulak papalayo, napalakas iyon.

"Hey," nagugulat niyang sambit. **"Why did you do that?"**

"Don't come near me," nagbabanta kong sagot.

Natigilan naman siya saka pilit na natawa. **"Look, I was just asking you, okay?"** mahinahong aniya. Umayos siya ng tayo saka inayos ang sariling kwelyo.

"Makapagtatanong ka kahit hindi ganoon kalapit."

"Malakas ang sounds."

"Pwede kang sumigaw, hindi mo kailangang lumapit."

"You're exaggerated," bintang niya.

Pinagkunutan ko siya. "Don't come near me."

"Okay, I'm sorry."

"Don't you ever come *near* me again," makahulugan nang banta ko saka ko siya iniwan.

"Are you guys ready for a hot dance number coming from our very own BISDT?" Iyon ang tanong ni Migz nang makalabas ako.

***Damn it.* Nasapo ko ang noo sa inis.**

Batid kong iyong intimate solo dance number na namin ni Lovemir ang kasunod sa programa. Nasa kalagitnaan na ang programa. Kasunod niyon ay ang pangkalahatang sayawan na. Kung saan mamimili na ng dalawang pares ang spotlight. Na susundan naman ng pamimili ng Face of the Night ng mga special guests.

Hindi kami maaaring makihalubilo ni Lovemir sa karamihan hangga't hindi natatapos ang solo dance na iyon.

Badtrip! Hindi ko maiwasang ilinga ang paningin ko't hanapin si Sensui.

Gustuhin ko mang bumalik sa mesa namin, para kunin ang cellphone o tanungin ang mga kasama ko, hindi ko magawa. Dahil alam kong anumang

segundo ay tatagawin na kami para sa dance number na iyon.

Wala akong choice kung hindi ang bumalik sa backstage at gaya ng inaasahan ko ay sinalubong ako ni Lovemir. Halatang naiilang siya dahil sa namuong tensyon sa pagitan namin ilang minuto lang ang nakalipas.

"Once again, let's give a round of applause for Lovemir Limaco and Maxpein Zin del Valle!" palahaw ni Migz. Nangibabaw na naman ang malakas na palakpakan.

Lumapit sa 'kin si Lovemir. "Sa tingin ko ay hindi ko mapagbibigyan ang hiling mo," mahinang aniya, sinsero pero sarkastiko ang dating.

Inilahad niya ang kamay at wala akong magawa kung hindi ang tanggapin iyon.

Bago pa man pumaibabaw ang mabagal na tugtugin ay nagawa na naming umakyat sa stage at simulan ang pagsasayaw. Agad na nagsigawan ang mga nanonood. Pero hindi ko nagawang ituon ang paningin at atensyon sa mga iyon.

Napakalalim ng paraan ng pagtingin ni Lovemir, hindi ko nagugustohan iyon. Bigay na bigay siya ngayon. Hindi gaya noong nag-eensayo kami. Normal naman sana 'yon pero may kung ano sa mga hawak, kilos at titig niya na nakapagpapabalisa sa akin, nagsasabing hindi iyon tama.

Mas nakakadala ang paraan niya ng pagsayaw ngayon. At sa bawat pagdidikit ng mga balat namin ay may kung anong kuryente akong nararadaman. Hindi ako natutuwa at habang tumatagal ay lalo lamang akong naiinis.

Sa puso't isip ko ay hinihiling ko na namang matapos ang kanta. Noon lang ako nanabik marinig uli ang palakpakan ng mga tao.

Pero parang nananadya ang tao na ito. Mas mahigpit ang pagkakahapit niya sa bewang ko hindi gaya noong mga practice namin. Mas pino ang kilos niya at kakaiba ang dating ng mga haplos niya. Minsan pa akong kinilabutan nang marahan niyang haplusin ang kamay ko, paakyat sa braso hanggang sa puno ng balikat ko. Kasama iyon sa mga itinuro ni Aenna pero hindi ko maiwasan ang manibago. May kung anong nakakakilabot na pakiramdam iyong idinudulot sa 'kin.

Nakakabahala ang kilos na iyon. Para bang intensiyon nito ang mang-*akit*.

Sana ay matapos na ang kanta.

"Sana ay hindi na matapos ang kanta," bulong niya habang nakayakap mula sa likuran ko. Magkasabay niyang ikinikembot ang pareho naming bewang.

Hindi nakalapat ang mga katawan namin pero nabubwisit ako sa paraan niya ng pagyakap. Masyado iyong mahigpit at malapit hindi gaya ng inaasahan ko.

"I'm enjoying this. Ikaw na yata ang pinakamagaling sumayaw na babaeng nakilala ko," patuloy niya. Saka siya umalis sa pagkakapulupot sa likuran ko at marahang inilayo.

Nagpatuloy ang mabagal na takbo ng oras. Ultimong hiyawan ng mga tao ay bumabagal sa pandinig ko. Tanging kami na lang ni Lovemir ang tao sa paningin ko, hindi ko gusto ang isiping iyon. Naiinis ako sa sarili nang dahil sa kakaibang pakiramdam na iyon.

May oras pang naramdaman ko ang hininga niya sa leeg ko dahil sa sobrang pagkakayakap niya, nakakakilabot ang dulot niyon.

Damn it! Matapos ka na!

Halos apat na minuto lang naman ang kantang iyon pero pakiramdam ko ay apat na oras na ang tumatakbo. Napakatagal at nakakapanlumo.

Nang sa wakas ay matapos ang kanta, kung saan ang posisyon namin ay magkayakap habang bahagya akong nakahiga sa dibdib niya, muli kong nasilayan si Sensui. Na noon ay nakaupo na sa pwesto nila ni Eerah Anitha sa stage.

Madilim ang mga mata niya at napakasama ng tingin sa amin.

Saan sila nanggaling?

Umalis si Eerah kanina. At sa isip ko ay alam kong hinanap niya si Sensui. Ngayong nakabalik na ito ay magkasama na uli sila sa nakalaang pwesto. Bukod sa nakakabahalang dance number namin ni Lovemir, hindi ko maiwasang mag-isip kung ano ang ginawa nilang hindi ko nakita.

Muling umakyat sa entablado si Migz at nagbiro nang nagbiro. Ang karamihan ay gustong sundan agad namin ang performance. Idinaan ni Migz ang pagtanggi sa mga ito. Nang sandali kasing iyon ay iikot na ang spotlight para sa Face of the Night.

"Grab your partners now and bring them to the dance floor! Let's heat it up! Enjoy the rest of the night!" anunsyo ni Migz dahilan para mag-unahan sa pagtayo ang mga estudyante.

Nangibabaw ang malamig na tinig ng babaeng mang-aawit ng BIS band, hindi nakakasawang pakinggan. Lumapit sa 'min si Migz at gaya kanina ay

panay na naman ang papuri niya sa 'kin, lalo na kay Lovemir.

"Kung makikita mo lang ang Mister Enrile, daig pa ang pugon!" pabirong asik ni Migz. "Mapula ang tainga't ilong pati na rin ang usok na lumalabas mula ro'n! 'Kaloka ka! Ang ganda mo na naman kasi! Ikaw na ang maton na nakapalda."

"Tss."

"Ano? Kumusta ang feeling? Grabe, ang galing ninyo ni Lovemir."

"Praktisado, eh," tanging tugon ko, palihim na sinusulyapan si Sensui. Na hindi man lang yata inalis ang tingin sa 'kin. Pinagmamasdan niya talaga ako at hindi nagbabago ang nakakatakot niyang anyo.

"Grabe, hindi talaga ako nagsisising naging kaibigan kita. Nakakabilib ka talaga kapag sumasayaw, grabe! Sabihin mo nga sa 'kin, anong lotion ang gamit mo at ganiyan ka kaswerte? Aba, 'te, bukod sa kutis mo ay wala nang ibang maganda sa 'yo!"

"Tss, I'll talk to you later," tugon ko at tinapik siya sa braso.

"Taray, nag-cocktail dress lang, nag-English na? Sige, 'te!" pahabol niyang sinabi pero hindi na ako lumingon pa.

Nauna akong bumaba ng stage. Ikinagulat ko ang biglang pagsulpot ni Lovemir, akmang aalalayan ako sa natitirang isang baitang. Napangiwi ako. Hindi ko tinanggap ang kamay niya.

Kumuha ako ng bottled water at ininom 'yon nang deretso. Pakiramdam ko ay nasa balat ko pa rin ang mga hawak ni Lovemir. Gusto kong mainis. Nag-aalala ako sa mararamdaman ni Sensui at paniguradong hindi niya nagustohan ang nakita niya. Talagang bigay na bigay si Lovemir at may emosyon ang bawat haplos niya. Hindi karapat-dapat bigyan ng malisya pero hindi ko maitatangging *kakaiba* ang dating niyon sa 'kin.

"Nag-enjoy ka ba?" bigla ay nangibabaw ang tinig ni Sensui. Nagulat ako.

Nakatayo siya sa bungad ng backstage nang malingunan ko. Deretsong nakatingin sa 'kin habang nakapamulsa.

"Babe," napapalunok akong lumapit.

"I'm asking you, did you enjoy it?"

"What are you talking about?"

"Tch," malamig nigang singhal. Nilaro ng kaniyang dila ang ibabang labi. Ginagawa niya iyon kapag badtrip siya.

Pabuntong-hininga siyang lumapit. Ngunit napaatras ako nang magtuloy-tuloy siya. Mula sa likuran ay inabot niya ang bungkos ng puting rosas.

"What's this?" nakakaloko, wala sa sariling tanong ko. Sa halip na sumagot ay nag-iwas siya ng tingin. **"Thanks, babe, it's beautiful."** Noon niya lang ako muling nilingon.

"Bilisan mo d'yan, isasayaw kita."

"Ha?" Pinandilatan ko siya.

"Isasayaw kita, anong nakakagulat don?"

"Nahihiya ako, eh."

"Pero sa ginawa mo sa stage kanina ay hindi?"

"Deib?"

"Ah, parte pa rin ba ng practice niyo 'yon?"

"Oo," napapahiyang tugon ko. Napabuntong-hininga na naman siya. **"Itinuro rin ni Aenna 'yon,"**

"Hindi ko alam na pati pala ang emosyon ay napa-practice na ngayon, Maxpein."

Natigilan ako bago magkunot-noo. Damn it, napansin niya rin. **"Walang ganiyan, Sensui."**

"Meron, Maxpein. May gusto sa 'yo ang lalaking 'yon." Sa tono niya ay para bang hawak niya ang patunay no'n.

"Heto na naman tayo," naiinis nang tugon ko. **"'Wag mo na akong awayin."**

"Bilisan mo na d'yan," aniya saka tinalikuran ako.

"Hindi mo ba ako hihintayin?"

"Pumunta ka sa mesa ninyo ng mga kaibigan mo, susunduin kita ro'n. Kakausapin ko lang si Migz," nakatalikod na aniya at saka tuluyang lumabas.

Napabuntong-hininga uli ako at saka tinitigan ang bulaklak. Magaganda ang mga iyon. At kahit hindi ko ilapit ang ilong ko ay naaamoy ko ang mahalimuyak niyong bango.

He's so sweet. Napangiti ako.

Humarap ako sa salamin upang ayusin ang sarili. Lalo na ang buhok kong sala-salabat na at hindi maintindihan. Nag-spray rin ako ng perfum bago dumako sa mesa namin nina Naih.

Nagkakasiyahan sila nang maupo ako.

"Grabe, Max! Ang lupit no'ng dance number ninyo ni Lovemir!" pabulalas na papuri ni Naih. Napangiwi tuloy ako. **"Nakakadala 'yong pagsasayaw ninyo! Sobrang effective, astig! Para kayong—"** Hindi niya nagawang ituloy ang sasabihin nang samaan ko siya ng tingin. **"Para**

kayong tropa, Maxpein, para kayong tropa. Stop me," biglang kabig niya.

"Sshhk! Kung nakita mo ang mga mata ng isang Enrile, paniguradong hihinto ka sa pagsasayaw mo, Max!" biro ni Tob. Pero alam kong makahulugan ang sinabi niya.

"Nagselos nga, eh," mahinang tugon ko. Napabuntong-hininga naman sila.

Nilingon ko ang stage. Nakita ko si Sensui na kausap si Migz. Habang si Eerah Anitha naman ay nakamasid sa kanila, iwinawagayway ang nakapandekwatrong hita't binti niya.

"Sino naman kasi ang hindi magseselos?" ani Tob. **"May kakaiba sa paraan ng pagtitig at paghawak sa 'yo ng lalaking 'yon, Max,"** may alinlangang dagdag niya.

Napangiwi naman ako. **"Hindi ko rin maintindihan kung bakit bigay na bigay siya. Paniguradong magagalit na naman si Sensui nito."**

"Ipaliwanag mo sa kaniyang parte 'yon ng pagsasayaw ninyo," suhestiyon ni Lee, pilit na ngiti ang naiganti ko.

"Sana nga ay maintindihan niya."

"Ano naman ang ginagawa ng babaeng 'yon dito?" tanong ni Naih habang nakanguso kay Eerah Anitha.

"Inimbitahan daw ni Dean," tugon ni BJ na nakangiwi na rin. **"Grabe, kung makadikit siya kay Deib Lohr! Nakita ko pang sumunod siya kay Deib Lohr kanina papunta sa parking lot!"**

Eh, di hindi nga ako nagkamali? Nagkasama sila.

"Alam mo, Max?" dagdag pa ni BJ. **"Feeling ko lang, ah? Feeling ko ay may gusto 'yan kay Deib Lohr!"**

"Meron nga! Psh!" nakangiwing ani Tob. Nanlaki ang mga mata nina BJ at Michiko sa gulat. **"May gusto siya kay Deib Lohr. She's like a stalker. Naba-badtrip na nga si Deib Lohr sa kaniya."**

"Papunta na rito si Deib, 'wag niyo ng pag-usapan," ani Lee dahilan upang matahimik kami.

"Kumain ka ulit," ani Sensui nang makalapit, nanatiling nakatayo sa harap ko.

"Busog pa ako, babe," tugon ko. Naupo siya sa tabi ko. **"Salamat uli sa bulaklak."** Iniwasan niya lang ng tingin ang paglalambing ko. **"'Wag ka ng magalit sa 'kin."**

"Hindi ako galit sa 'yo, Taguro," mapaklang aniya saka umakbay sa akin. Nakahinga ako nang maluwang. **"May *ganoong* klase pa ba kayo ng sayaw?"**

Anong ganoon naman? Tss. **"Wala na,"** mapaklang tugon ko.

"Parang nanghinayang ka pa, ah?" sarkastikong aniya, pinagkunutan ko siya. **"Well, he really is a good dancer. Ngayon ka lang nagkaro'n ng partner na kasing galing ni Lovemir sumayaw. Tch. Minsan ay nakaka-in love ang mga first-first na 'yan, Maxpein."**

"Deib," kunot-noong awat ni Lee. Nag-iwas lang ng tinign si Sensui rito. **"Do you want to dance?"** baling niya kay Naih. Tumayo naman si Tob at inaya si Michiko. **"Nakapagpaalam kami kay dean at hinayaan na kaming sumali sa party."** Kinindatan niya si Sensui ngunit hindi nakatanggap ng tugon.

Nang makaalis na ang mga ito ay bumaling si Sensui kay BJ. **"Gusto mo bang isayaw si Maxpein?"**

"No, I'm okay," nag-alinlangang magbiro si BJ.

"Sige na, wala pa ako sa mood sumayaw," pamimilit ni Sensui.

Bigla ay nakaramdam ako ng hiya. Gusto ko sana siyang pigilan ngunit napilitan na ring tumayo si BJ. Marahil ay natakot kay Sensui. Tuloy ay hindi ko na natanggihan nang yayain ako nito.

"Nakakaloka si Deib, 'te, 'ganda mo naman kasi."

"Tss, ano ang magagawa ko? Eh, sa iyon ang itinuro ni Aenna," nakangiwing tugon ko.

"Seloso ang boyfriend mo, 'te, be sensitive."

"So kailangang tumanggi ako?"

"Kung pwede naman, why not, 'di ba?"

"Hindi ko naman alam na ganoon ang kalalabasan. Bigay na bigay talaga si Lovemir kanina. Kahit ako ay nailang sa mga hawak niya."

"Oo, 'te. 'Yong mga hawak niya sa 'yo ay parang sinasamba ka! Ultimong paghawak niya sa binti mo ay kakaiba."

Hindi na ako nasagot. Napansin ko rin iyon. Noong practice ay hindi hinawakan ni minsan ni Lovemir ang hita at braso ko, hanggang kamay lang siyang parati. Umaasta lang siyang hinahawakan ang mga iyon kaya naman inaasahan kong ganoon din ang gagawin niya ngayon.

Napakamot ako sa ulo. Gusto kong kausapin si Aenna tungkol doon. Pero bale-wala na rin dahil tapos na ang performance namin. At isa pa, paniguradong siya ang pinakamasaya sa naging resulta.

Paniguradong ang lahat ay kinilabutan sa sayaw naming iyon. Napaka-matured at hindi nakikita sa mga high school student na performance. Iyong may kakaibang paraan ng paghawak sa isa't isa. Bagaman para sa 'kin ay walang malisya ang mga hawak ko sa kaniya. Maaaring naging dahilan din ang mga dirty dancing sa videos ni Aenna kaya naman halos naging ganoon din ang kinalabasan.

Maganda naman talaga ang naging performance namin dahil bago at kakaiba sa mata. Sadyang may nagselos lang talaga kaya nakakabahala. Masyado akong nag-aalala sa nararamdaman ni Sensui dahil tama nga si BJ, seloso siya. Naiintindihan ko siya na ewan, nakakalito ang nararamdaman ko. Gusto kong magalit pero ayaw kong magalit siya. Gusto ko siyang awayin pero ayaw kong mag-away kami. Napakagulo, nakakalito, nakakainis. Gusto kong magsisisi pero aaminin kong gusto ko rin ang sayaw na iyon dahil hilig ko ito.

Ang hirap pigilan ng gusto dahil may masasaktan kang tao. Tsk.

Bago pa man matapos ang kantang sinasayaw namin ay naghiyawan na ang mga kababaihan. Dahilan upang sabay kaming mapalingon ni BJ sa kalagitnaan ng daan. Papalapit na sa 'min si Sensui. Napakagwapo niya sa simpleng tindig. Ang suot niya ay kakaiba sa lahat at nakadagdag lalo sa maganda niyang hitsura. Napakapula ng labi niya. At doon lang natuon ang paningin ko hanggang sa tuluyan siyang makalapit sa 'min at hingin ang kamay ko kay BJ.

"Thank you," sinserong sambit ko kay BJ, na nag-bow ng pambabae na animong nakapalda siya. Hindi ko naiwasan ang matawa.

"My pleasure, 'te," aniya. Saka tinapik sa balikat si Sensui. **"Enjoy the night!"**

Sinundan ko ng tingin si BJ. Hindi pa man siya nakababalik sa mesa ay sinalubong na siya ni Migz at hinila pabalik sa dance floor. Nagtawanan ang ilan sa nakakita.

"Baka pwede mong ituon sav'kin ang atensiyon mo para hindi ka masyadong nakakabastos, Taguro?"

Gulat akong napatingin kay Sensui nang sabihin iyon. Napabuntong-hininga ako. 'Ayun na naman 'yong nagmamadaling tibok ng puso ko sa sobrang kaba.

"Sorry," tugon ko.

"Makakailang sabi ka kaya niyan ngayon gabi?"

"'Wag mo na sabi akong awayin," pakiusap ko.

"Sabihin mo na sa 'kin para maihanda ko na ang sarili ko."

"Wala ng gano'n. Kahit isayaw mo na ako magdamag ngayon ay hindi ako magrereklamo," mapaklang tugon ko. **"Huling pakiusap, 'wag ka nang magalit sa 'kin, 'wag mo akong awayin."**

"Kung gano'n ay tigilan mo ang paglilihim sa 'kin," tiim-bagang na aniya. Napamaang ako. Seryosong seryoso ang mukha niya, naghahalo naman ang galit at selos sa tono ng kaniyang pananalita.

"Babe?"

"Sinabi ko ang lahat sa 'yo, Taguro. Pero wala kang ginawa kung hindi ang sorpresahin ako sa mga hindi nakakatuwa mong ginagawa," sumbat niya.

"Ano na naman ba ang ginawa ko?" hindi ko napigilan ang magtunog galit.

"Hindi mo sinabi sa 'kin na may gano'ng klase ng sayaw kayo ng Lovemir na 'yon. Sinabi ko na sa 'yong nagseselos ako sa kaniya. Kailangan ko pa bang ulitin ang mga 'yon ngayon?"

"Nag-sorry na nga ako, 'di ba? Tsk! Bakit ba kailangang pag-awayan natin ang mga walang kakuwenta-kuwentang tao?"

"'Yong walang kuwentang taong sinasabi mo ay naisayaw ka sa paraang hindi ko kaya," nagtaas siya ng boses dahilan upang matigilan ako sa pagsayaw. Nahinto rin siya.

"Kung gano'n ay nagseselos ka ng dahil sa hindi mo kaya ang gano'ng uri ng pagsayaw at ako ang sinisisi mo?"

"Sino ang sisisihin ko bukod sa 'yo? Si Aenna na nagturo sa inyo? Kailangan mo ba talagang pumayag sa gano'ng uri ng pagsasayaw, Taguro?"

"Alam mong ito ang hilig ko."

"Kaya ka pumayag magpahawak sa lalaking 'yon nang gano'n?"

"Deib, pipiliin kong sayawin ang sayaw na 'yon kahit pa hindi si Lovemir ang makapareha ko."

"Gusto mong nilalandi ka nang gano'n?"

"Why are you talking to me like that? Anong nilalandi? Mukha ba akong nagpapalandi?"

"Dahil nagseselos ako, Taguro." Hindi niya man ako sinagot ng hindi o oo ay nagawa niyang bigyan ng dahilan ang tanong ko.

"Wala ka na sa lugar kung magselos kung gano'n, Sensui. Nakaka-badtrip na ang mga dahilan mo at hindi na ako natutuwa sa 'yo," dere-

deretsong tugon ko. Natigilan siya bagaman nandoon pa rin ang galit sa kaniyang mga mata. **"Hindi mo rin naman sinabi sa 'king makakasama mo ngayon ang babaeng 'yan, 'di ba? Baka pwedeng kwits na tayo?"**

"Ano 'to, gantihan?" sarkastikong aniya. **"Bakit ba pilit mong pinagpapantay ang mga nagawa mo at nagawa ko, ha?"**

Hindi ako makapaniwalang nagkomprontahan kami sa gitna ng dance floor. Salamat sa malakas na tugtog, walang nakaririnig sa 'min kundi ang isa't isa.

"Hindi ko alam na siya ang makakasama kong guest. Walang binanggit sa 'kin sina Migz at lolo. Hindi ko sinabi sa 'yo 'yon dahil gusto kong masorpresa ka. Pero pareho tayong nasorpresa dahil nandito rin siya."

"Pero hindi kita inaway kahit na nakita ko siya. Kaya 'wag mong gawin 'yon sa 'kin."

"Dahil hindi ka patas, Taguro."Nagtaas na naman siya ng boses. "Nakailang practice na kayo ng Lovemir na 'yon. Ilang beses na rin tayong nagkasama pero hindi mo sinabi sa 'kin na may gano'ng klase kayo ng sayaw," sumbat niya.

Doon na ako natigilan. Hindi ko na nagawang maghanap pa ng isasagot. Dahil alam kong nagkamali ako at aminado ako ro'n.

"And what do they call it? Intimate solo dance? Wow," sarkastiko siyang ngumisi. **"Sinabi ko ang lahat nang tungkol kay Eerah Anitha sa 'yo. Dahil ayaw kong magselos ka, ayaw kong pag-awayan natin siya. But what did you do? Naglihim ka at inaasahan mong matuwa ako? Walang kwenta sa 'yo ang pinagseselosan ko pero hindi mo alam kung ano'ng idinudulot no'n sa 'kin, Taguro. Emosyonal ako pagdating sa 'yo. Simpleng bagay na ginagawa mo ay naaapektuhan ako. How can I make you understand that?"**

"Sarili mo ang baguhin mo at 'wag ako kung gano'n," inis nang sagot ko. Nanlulumo siyang tumitig sa 'kin. **"Alam mo ang ugali ko at 'di ko ugaling magsabi. Kailan mo rin maiintindihan 'yon? Sensui, believe it or not, pinipilit kong intindiihin ka. Iniisip ko ang nararamdaman mo. Pero may mga bagay rin naman ako na gustong gawin. Mga bagay na hindi kailangan ng pahintulot mo."** Sinikap kong maging mahinahon. **"Inaasahan kong maiintindihan mo ako gaya ng pang-intindi ko sa inyo ni Eerah Anitha. Maniwala ka naman sa 'kin, oh? Bale-wala lang sa 'kin ang sayaw na 'yon."**

Nagbaba siya ng tingin. Tila napunit ang puso ko nang mabasa ang lungkot sa kaniyang mga mata. Napailing siya, pinahiran ang sariling labi. Saka wala sa sariling tinalikuran ako.

Nagugulat akong napahabol. **"Deib,"**pagtawag ko.

Hinarap niya ako. Ngunit natigilan ako sa malamig niyang hitsura. Hindi agad siya nagsalita. Naglaban ang mga titig namin. Nang sandaling iyon ay parang piniga ang puso ko sa hitsura niya.

"Please don't break my heart," emosyonal niyang sinabi bagaman bahagyang nakakunot ang noo."Nasasaktan ako, Taguro. At nahihirapan na akong ipaintindi 'yon sa 'yo."

Naestatwa ako. Bigla ay parang huminto ang sistema ko. Hindi ko nagawang makapag-isip. Wala akong nasabi. Nagpaulit-ulit ang mga sinabi niya sa isip ko.

"May I have this dance?" bigla ay nangibabaw ang tinig ni Lovemir. Hindi namin inaasahan. Sabay namin siyang nilingon ni Sensui.

Narinig niya kaya ang pinag-uusapan namin?

Mukhang hindi. Maganda ang pagkakangiti niya kay Sensui. Walang bahid ng kung ano maliban sa kagustohang maisayaw ako.

Mataman siyang tiningnan ni Sensui. **"Ikaw ang bahala."**

"Deib?" awtomatikong nagprotesta ang tinig ko.

Sinulyapan lang ako ni Sensui saka muling bumaling kay Lovemir. "Mag-ingat ka lang sa mga paraan mo ng paghawak-hawak sa girlfriend ko. Dahil hindi ako magdadalawang-isip na sapakin ka rito."

Sabay kaming napamaang ni Lovemir sa sinabing iyon ni Sensui. At bago pa man makasagot si Lovemir ay agad na kaming tinalikuran at iniwan ni Sensui. Kunot-noo ko siyang nasundan ng tingin. Muli kong sinisi ang sarili ko. Nasasaktan ko siya sa sarili kong paraan. At sa tingin ko ay sa'kin lang balido ang sarili kong dahilan.

Makasarili ka, Maxpein, masyadong kang manhid.

"Can we dance now?" nangibabaw muli ang tinig ni Lovemir dahilan upang lingunin ko siya.

"Hindi ba't binalaan na kita?" pormal na tanong ko.

Napamaang siya. **"Hey, what are you mad about? I said sorry already."**

"Pero hindi ko tinanggap 'yon."

"Then I'll ask for your forgiveness, please?" sinserong aniya. Tinitigan ko lang siya. **"I want to dance with you."**

"Hindi ko maintindihan kung bakit mo ginagawa 'to."

"Hindi ko rin maintindihan kung bakit kailangan mong bigyan ng ibang kahulugan?" nakangiti ngunit seryoso ang tinig na aniya. Napabuntong-hininga ako. **"Nagseselos sa 'kin ang boyfriend mo?"**Nag-iwas ako ng tingin. **"I'm sorry for that."**

"Hindi niya nagustuhan ang paraan mo ng paghawak sa 'kin," pamamrangka ko.

Bahagya siyang natawa. **"Hindi ba siya dancer?"**

Kunot-noo ko siyang inilingan. **"Wala namang kinalaman ang pagiging dancer sa paraan ng paghawak mo sa 'kin."**

"Meron," seryosong aniya. **"Iyon ay kung propesyonal ka at hindi mo ko pag-iisipan ng malisya. Mukhang katuwaan lang para sa iyo ang pagsasayaw kung gano'n,"** sarkastikong aniya. Nainis ako. **"Ngayon, maaari ko na bang hawakan ang kamay mo?"**

Magalang niyang inilahad ang kamay sa akin, nakatitig sa mga mata ko. Masama ang tingin kong tinanggap iyon. Napangisi siya. Nang sandaling maglapat ang mga palad namin ay nangibabaw sa 'kin ang pag-aalala.

Tinanaw ko si Sensui. Nakatalikod siya sa gawi namin.

"Hindi rin ako magdadalawang-isip na tanggapin ang sapak niya kaya huwag kang mag-alala. Irerespeto kita kahit magpabastos ka pa."

Napatitig ako kay Lovemir matapos sabihin 'yon. Bahagya siyang natawa, bagay na ngayon ko lang nakita. Hindi iyon gaya no'ng mga sarkastikong pamamaraan niya ng pagtawa at tipid na halakhak. Mas normal ang isang ito sa harap ko, talagang natural.

Nag-iwas na lang ako ng tingin, muling hinihiling na matapos ang kanta.

"Lalong tumatagal ang oras kapag may hinihintay ka," aniya na animong nabasa ang laman ng isip ko. Ngumiti siya. **"Iniisip mo bang may gusto ako sa 'yo?"**

Hindi ko malaman kung paano iyong sasagutin. Kunot-noo akong nag-iwas ng tingin.

"I'm married, Maxpein."

Natitigilan ko siyang nilingon matapos sabihin iyon. Bigla ay nangibabaw sa 'kin ang hiya.

"And as I've told you, you're not my type. But you're interesting," dagdag niya. Bigla ay bumitiw ako na ikinagulat niya. **"Magagalit ka na naman ba?"**

"Kasal ka na pala, bakit ganiyan pa ang sinasabi mo?"

"Dahil kaya kong maging propesyonal," sarkastiko siyang ngumisi. **"Hindi ko na siguro problema kung hindi mo iyon kaya."** Humalakhak siya bago sumeryoso. **"Hindi na kita ihahatid sa mesa ninyo, baka isipin mo, bukas makalawa ay liligawan na kita kapag ginawa ko 'yon,"** pang-aasar niya at saka tinalikuran ako.

What the hell?

Inis ko siyang nasundan ng tingin saka ako tuluyang lumapit kay Sensui. **"Deib,"**pagtawag ko.

Agad siyang tumayo upang alalayan akong maupo. "What?" walang emosyon niyang tugon.

Pinasadahan niya ako ng tingin. Na para bang inaalam kung may nagkulang sa akin matapos akong isayaw ni Lovemir. Kung hindi siya galit ay inasar ko na siya.

"Do you want to dance again?"nahihiyang anyaya ko.

Bumuntong-hininga lang siya. "I need go back. We'll announce the face of the night winners. Maybe I'll go home after that. Nasira ko yata ang party mo."

"Babe, don't say that. I want to be with you."

"Hindi kita mapagbibigyan ngayon. Gusto kong magpalamig ng ulo. Ipapahatid ko rito ang motor mo. May pamalit ka naman ng damit, 'di ba? 'Wag kang magmomotor ng nakapalda. Sige na," aniya na hinalikan ako sa noo saka naglakad papalayo.

Napasalampak ako ng upo sa mesa at nanlulumo. Pinanood ko siyang umakyat at tumabi kay Eerah Anitha. Agad na inangkla ni Eerah Anitha ang braso kay Sensui. Tila tinusok-tusok ang dibdib ko sa hindi magandang tanawin na iyon. Ngiting ngiti si Eerah Anitha sa audience, animong sang-ayon si Sensui sa mga kilos niya. Tanaw ko ang panlalandi niya sa boyfriend ko. At hindi ko matanggap iyon.

Pero hindi ko siya pwedeng sugurin at pigilan, hindi iyon akma sa sitwasyong ito.

Mabilis nilang naianunsiyo ang face of the night. Sina BJ, Michiko at Naih ang mga iyon. Ang isa pang lalaki na napili ay kaklase rin namin, karapat-dapat.

Gaya nang nakaraang taon ay ibinigay ang premyo sa mga ito matapos ang anunsiyo.

Isinayaw nina Sensui at Eerah Anitha ang apat na nanalong face of the night. Hindi nawala kay Sensui ang paningin ko. Hanggang sa muli silang

bumalik sa stage upang kausapin si Migz. Panay lang ang pagtango ni Sensui habang bigay na bigay naman sa pagtawa si Eerah Anitha.

Nagsimula muling magsayawan ang lahat. Pakiramdam ko ay mag-isa lang ako. Ikinalulungkot ko ang naging resulta ng party na ito. Excited ako dahil akala ko ay ibibigay sa 'kin ni Sensui ang gabing ito dahil pinapangit niya na iyong nakaraang taon. Pero nagkamali ako.

Mawawala kaya ang galit niya kapag hinalikan ko siya? Kaso saan naman? Pagagalitan kami kapag hinalikan ko siya rito, tsk. Maging sa isip ay desperada na akong magkaayos kami. Tss! Malamang! Mag-isip ka nga, Maxpein! Ang halikan ay hindi ginagawa sa paaralan, tuleg!

Naiinis ako sa sarili ko. Pakiramdam ko ay napakainutil ko pagdating sa pakikipagrelasyon. Hindi ako sensitibo sa epekto ng mga kilos at salita ko sa taong mahal ako. Ginagawa ko kung ano ang sa tingin kong tama. Wala akong pakialam sa iisipin ng iba. Pero hindi ko nagagawang isipin na iba na pala dapat kapag may boyfriend ka.

Siguro nga ay tama siya. Dahil hindi naman kami nagkasama ng matagal. Dahil matagal ko siyang iniwan. Maski no'ng bakasyon ay nakalaan sa pag-aaral ang oras ko at pinaghintay ko na naman siya.Sana ay 'wag niya akong pagsawaan. Hindi ko talaga kakayanin kapag siya ang nawala sa 'kin.

Lalo kong naramdaman ang lungkot matapos pumunta sa mini bar at maupo sa isang gilid. Agad akong humingi ng champagne at wine sa server.

Pakiramdam ko ang buong mundo ay kontra sa nararamdaman ko. At wala akong kakampi dahil ang lahat ay inaway ko. Kahit na ang totoo ay abala lang naman ang lahat sa pagsayaw. Lalo pa't dumako na rin doon sina Lee at Tob at nakipagsayaw sa kani-kaniyang nobya. Habang si Migz ay nananatiling nasa stage, si BJ ay nakipagsayaw sa mga kaklase namin.

Ako lang yata ang hindi nag-e-enjoy. Nalunod ako sa pag-iisip. Tuloy ay hindi ko namalayan kung ilang baso na ang naiinom ko.

Please don't break my heart. Ilang beses pang nagpaulit-ulit sa isip ko ang linyang iyon.

What should I do, then? Ang ipaalam sa kaniya ang lahat ng ginagawa ko? Paano naman ang privacy ko? Karapat-dapat ko bang itago ang intimate dance na 'yon sa kaniya? Naghalo-halo ang mga tanong sa isip ko at lahat ng iyon ay kontra sa isa't isa. *Mahirap ba talaga akong intindihin o makitid lang talaga ang utak niya? Sayaw lang naman 'yon. Naiintindihan ko naman talaga siya. Ano ang magagawa ko, hindi ako kasing-showy mo?*

Nahihirapan akong mag-isip. Pakiramdam ko ay kulang na kulang ang nalalaman ko para sa ganitong klase ng bagay. Hindi ko pa ito naranasan kahit kailan at ayaw ko nang magkumpara pa. Masyado kong kilala ang sarili ko at siya yata ang hindi ko kilala.

Masiyado lang kasi talaga siyang seloso, nakakasakal na.

"Isa pa nga," muli akong humingi ng isang baso. Nagulat ako nang titigan lang ako ng server doon. **"Bakit?"**

"Nakakalabing-anim na baso na po kayo, miss," napapahiyang tugon nito. Pinagkunutan ko siya ng noo. **"Mapapagalitan po ako kapag nalaman 'to ng boss ko, miss."** Kamot niya ang batok. **"Baka masesante po ako."**

"Wala pa naman akong tama. Ayos lang 'yan—"

"'Wag mo nang bigyan." Tumuwid ang likod ko nang mangibabaw ang tinig ni Sensui.

Suminghot ako at hindi siya nilingon. **"Bigyan mo 'ko kung ayaw mong ireklamo kita sa boss mo,"** banta ko sa server, agad naman itong kumilos.

"'Wag mo na sabing bigyan," nagbabanta ang tonong ani Sensui. **"Isa akong Enrile at kaya kong basagin ang lahat ng boteng 'yan sa mukha ng boss mo."**

"Yes, sir." Awtomatikong inilapag ng server ang bote ng wine. Hindi na siya tumingin pa sa akin. Tinalikuran niya ako at iniwan ang bar.

Kunot-noo, napapabuntong-hininga akong bumaling kay Sensui. Ipinatong ko ang magkabilang siko sa bar island at nagpandekwatro.

'Ayun naman siya, nakapamulsa at deretsong nakatingin sa akin.

Nginiwian ko siya nang todo, wala na sa sarili. **"Nagsawa ka na ba ro'n sa babae mo't nandito ka na naman sa harap ko?"**

Inis siyang bumuga nang malalim na hininga. "Ayusin mo ang sarili mo."

"Tss," mataman kong tiningnan ang sarili. **"Maayos ako, paningin mo ang may problema."**

"I'll take you home."

"Why? I'm still enjoying. Epal ka lang talaga!"

Sumama ang mukha niya. "'Wag mo akong simulan," nagbabanta ang kaniyang tinig.

"I'm gonna stay here."

"Tapos na ang party, Taguro, ano pa ang itutunganga mo rito?" nagtaas siya ng boses.

"Ha? Tapos na ba?" inosenteng tugon ko.

Iginala ko ang paningin. At napalunok matapos makita ang mga maintenance personnel. Parang bula na nawala ang mga estudyanteng naroon lang kanina.

"Saan sila pumunta?" nakanguso, wala sa sarili kong tanong. Masama pa rin ang mukha ni Sensui nang malingunan ko. "Nasa'n na ang mga gamit ko?"

"Nasa kotse ko na."

Nag-iwas ako ng tingin at nagpigil ng ngiti. Hindi ko malaman kung bakit ang simpleng linyang iyon ay nagdulot sa 'kin ng kiliti.

"Tss," ang tanging sagot ko.

"Bilisan mo na d'yan."

"Ano?" sinamaan ko siya ng tingin."Magagalit ka na naman sa 'kin? Sasabihin mo na namang malandi ako? Wala ka talaga sa hulog, eh, 'no?"

"Iuuwi na kita."

"Kaya kong umuwi nang mag-isa!" tugon ko habang ikinukumpas pa ang kamay.

"You're drunk."

"Wow!" namamangha ko siyang pinandilatan. **"Ang isang del Valle, nalasing sa wine? Imposible!"**

"Alam mo ba kung nakailang bote ka?"

Humahalakhak kong nilingon ang bar island. Hindi biro ang boteng nakita ko. Saka ko siya nakangiwing nilingon."Magaling ka nga pala sa Math."

"Iuuwi na kita." Lumapit siya at agad akong inalalayan sa braso.

"Stay away from me," seryoso kong sinabi. Agad siyang natigilan. **"Kaya kong umuwing mag-isa."**

"It's late," tiim-bagang na aniya, madilim ang mga mata.

Bigla ay sumagi sa isip ko iyong sandaling nahulog ako sa kamay ng mga lasenggo. Kaya sa halip na inisin siya lalo ay nagpaumuna na akong maglakad papalayo.

"Wait for me, Maxpein," mariing utos niya, galit talaga. Huminto ako ngunit hindi siya nilingon. "Can you walk?"

"Tss, nakasayaw nga ako, eh—"

"Tinatanong kita nang maayos."

"Oo," asik ko tsaka muling nagtuloy.

"I said wait for me," nagbabanta ang kaniyang tinig. Animong bagot na bagot ko siyang hinintay.

Hinawakan niya ako sa siko at saka iginiya sa paglalakad. Sa tagal naming naglalakad ay hindi man lang niya ako kinausap. Hindi ko man lang naramdamang lumapit siya nang todo gaya nang madalas niyang ginagawa.

Galit pa rin siya sa 'kin.

Napanguso ako sa isiping iyon. Kumunot ang noo ko at gusto kong hilahin mula sa pagkakahawak niya ang braso ko.

I hate you!

Gusto ko mang isigaw sa kaniya 'yon ay paniguradong magagalit siya lalo. Hindi na lang ako kumibo. Hinayaan ko nalang ang nakabibinging katahimikan.

Pilit niya akong inalalayan pasakay sa kotse. Nakanguso kong binawi ang braso ko. **"Kaya ko sabi," pagmamatigas ko.**

"Bakit ba ang tigas ng ulo mo, Taguro?"

"What? Ano na naman ang maling ginawa ko?"

Pinagkunutan niya ako. "Sinong may sabi sa 'yong uminom ka?"

"Anak ng tokwa naman, oh? Pati pag-inom, hindi na rin pwede? Sabi ko naman sa 'yo noon, latagan mo na ako ng mga patakaran mo para may sinusunod ako. Hindi 'yong iisa-isahin mo ako ngayon, nakaka-badtrip ka, ah?"

"Tone down your voice, Maxpein."

"Badtrip ka pa rin! Walang kwenta ang mga rason mo at nakakasakal na 'yang ganiyang ugali mo," wala sa sariling sumbat.

Nakita ko kung paanong lumambot ang kaniyang mukha. Dahilan mismo ay matigilan sa nasabi. Naitikom ko ang sariling bibig.

"Sige na, sumakay ka na," aniya sa pinakamalamig na paraan saka ako tinalikuran.

Sumimangot ako sabay ismid. *Bading!*

Ngunit pareho kaming natigilan nang bigla ay mangibabaw ang nakaririnding tili ng babae. Sabay kaming napalingon ni Sensui sa pinagmulan niyon. Ang nanlalabong kong paningin ay biglang luminaw. Pilit kong hinanap kung sino ang sumigaw.

Muli ay sumigaw ito. Nagkatinginan kami ni Sensui at sabay na napalingon sa likurang bahagi ng BIS. Madilim sa gawing iyon, matalahib

at madalang ang dumaraang tao. Pero nang minsan pang maulit ang tili, nasiguro kong doon nga nagmumula iyon.

"Sumakay ka na sa loob!" pasinghal na ani Sensui

Marahan siyang humakbang papalapit sa dakong iyon. Ngunit agad ding natigilan nang bigla, mula sa dilim ay humarurot ang apat na malalaking motor.

"Let go of me!" muling nangibabaw ang sigaw ng babae, tumatakbo papalayo sa dilim, papunta sa gawi namin.

"Eerah?" hindi makapaniwalang sambit ni Sensui.

Nanliliit ang mga mata kong inaninag ang gawi ng babae. Hindi nga siya nagkakamali. Si Eerah Anitha iyon. Napanood namin itong magtatakbo habang habol ng mga nakamotor.

Bigla ay nawala ang epekto sa akin ng alak. Naramdaman kong kailangan ko siyang tulungan. Ngunit hindi pa man ako nakakikilos ay naunahan na ako ni Sensui. Tumakbo siya upang salubungin ang babae.

Gulat man at tuliro, nag-aalala akong sumunod sa kaniya. Noon din ay namataan kami ni Eerah Anitha. Agad siyang kumaripas ng takbo papunta sa gawi namin. Iyon nga lang, nabaling din sa amin ang atensyon ng mga nakamotor. Nahinto kami sa paglapit ni Sensui.

Ngunit kapansin-pansing kumalma ang takbo ng mga motor. Sapat lang ang bilis niyon upang mabigyan ng panahon si Eerah na makatakbo. Tila ginagawa lang ng mga nakamotor ang paghahabol upang manakot.

Nagtagumpay sila. Umiiyak sa takot si Eerah Anitha. Hirap man ay pinipilit nitong tumakbo gamit ang nagtataasang heels at hapit na damit.

Nilingon ko ang mga nakamotor. Pawang naka-helmet at itim na jacket at pants ang mga nagmamaneho. Gayunman, nasisiguro kong lalaki ang mga ito base sa tindig.

Sa kabila ng epekto ng alak, rumehistro sa isip ko ang kilos ng mga ito. Iyon nga lang, wala akong ideya sa kanilang mga hitsura.

Bago tuluyang makalapit si Eerah Anitha sa 'min ay humarurot ang isang nakamotor upang unahan siya. Nagulat ako nang mapanood si Sensui na salubungin ang babae. Awtomatiko akong napakilos ngunit agad ding natigilan. Mabilis niya itong hinila upang iiwas sa humaharurot na motor. Magkayakap silang tumimbawang sa lupa.

Natuon kina Eerah Anitha at Sensui ang paningin ko. Dahilan upang hindi ko mapansin, na sa 'kin na papunta ang humaharurot na motor.

"Taguro!" nagising ako sa pagsigaw ni Sensui.

Damn it!

Patakbo akong umatras na animong magagawa niyong pabagalin ang takbo ng mga motor. Ngunit nabigo ako dahil mas bumilis pa ang mga iyon. Humarap ako sa likuran at akma nang tatakbo nang may bisig na sumalo sa akin.

Halos yakapin ako ng kaharap ko. Nangunot ang noo ko matapos mapagtanto na si Lovemir iyon. Magsasalita na sana ako nang itulak niya ako papunta sa kaniyang likuran. Napanood ko kung paano niyang hinampas ng kahoy ang paparating na motor. Dahilan upang patalikod itong mahulog.

Mabilis na sumaklolo ang tatlo at tinulungan kasamahang bumulagta. Matapos niyon ay lumingon ang apat sa gawi namin. Bagaman hindi makikita ang mga mata nito, batid kong isa-isa kaming tiningnan ng mga ito. Hindi na kumilos pa si Lovemir. At sa halip ay pinanood na umatras at tuluyang umalis ang mga iyon.

"Maxpein," nanlamig ako nang hawakan ni Lovemir ang mukha ko. **"Are you okay?"**

Mabilis na nangilid ang luha ko sa hindi maintindihang dahilan at napatitig sa kaniya. Nagtatanong ang isip ko kung bakit hinahayaan ko siyang gawin 'yon.

"Please, answer me, are you okay?" muling tanong niya ngunit hindi ko pa rin nagawang sumagot.

Tumama ang paningin ko kay Sensui na noon ay nakatayo na at nasa likuran ni Lovemir.

Paano mo nagawang piliin ang iwanan ako at iligtas ang babaeng 'yan, Sensui? Lalong nangilid ang mga luha ko nang dahil sa isiping iyon. Pare-pareho kaming nakatingin sa isa't isa. Hindi malaman ang sasabihin nang dahil sa hindi maipaliwanag at 'di inaasahang pangyayari.

OceanofPDF.com

CHAPTER 179

DEIB'S POV

NAGTAMA ANG paningin namin ni Taguro. Hindi ko mapangalanan ang emosyong nababasa ko sa mga mata niya. Nasasaktan. Nagseselos. Nagtatanong.

Inalala ko ang nangyari. Naging napakabilis niyon pero sapat na para tumatak sa isip ko.

Iniwan ko siya para iligtas si Eerah Anitha.

Alam kong tama pero kinakikitaan ko ng mali. Aaminin kong kapag naulit ang nangyari ay iyon pa rin ang gagawin ko. Hindi ko nga lang alam kung bakit.

Nanatili kaming nakatingin sa isa't isa at pilit ko mang pakiramdaman ang emosyong inilalabas niya ay sadyang hindi ko iyon makuha. Natatakot ako sa sasabihin niya. Kinakabahan ako sa iisipin niya. Nababahala ako sa mararamdaman niya.

Nalulungkot ako sa katotohanang nagkakasunod-sunod na ang pagtatalo namin. Napapadalas ang ganitong pangyayari. Magagalit ako sa kaniya na mauuwi sa hindi inaasahang pangyayari. Kung saan parang dinudurog ang puso ko dahil alam kong may nagawa akong bagay na makakapanakit sa kaniya.

Kung pwede ko lang hulaan ang mararamdaman mo sa pagitan ng ilang segundo, Taguro, pipiliin ko 'yong paraan na hindi kita masasaktan.

Natinag ako sa pagmumuni-muni nang inilahad niya ang kamay sa akin.

Babe...

Sinulyapan ko ang kamay niya bago muling tumingin sa kaniya. Tila nanlambot ang tuhod ko sa kaba. Aligaga akong lumapit sa kaniya.

Hindi ko inaasahang gagawin niya iyon sa kabila ng ikinilos ko.

Sana ay maintindihan niya.

"Babe," pabulong kong sambit.

Ngunit wala na sa mga mata ko ang paningin niya. Nananatili iyong tutok sa lalamunan ko. Hinawakan ko ang pisngi niya, napapikit siya habang

hinahaplos ko iyon. At nang imulat niya ang mga mata, nangingilid na kaniyang luha.

"Babe, sorry," bulong ko saka marahang yumakap sa kaniya. **"I'm sorry. I'm sorry. I'm sorry,"** paulit-ulit kong sinabi habang ikinikiskis ang pisngi sa leeg niya.

Nalalanghap pa rin ang amoy ng alak sa katawan niya. Ngunit hindi ko iyon alintana, gustong-gusto kong niyayakap siya.

Hinawakan niya ako sa magkabilang braso at bahagya akong itinulak. Bigla ay nabahala ako.

Please, 'wag mo akong itutulak palayo, Taguro.

Nagmatigas ako, huminto siya. Mas hinigpitan ko ang pagkakayakap sa kaniya at hinagod siya sa buhok.

"Are you alright?" bulong ko. Tumango siya. **"I will explain."** Hindi siya sumagot. **"I love you so much, Maxpein."**

Sandali pa kaming nanatiling ganoon bago ako humiwalay. Wala pa rin sa akin ang kaniyang paningin. Hinawakan ko siya sa mukha upang magtama ang aming paningin. Walang nagbago sa emosyong mababasa roon.

I want to kiss you, but it'll make you mad.

Bumuntong-hininga siya saka sinulyapan si Eerah Anitha. **"Ayos ka lang ba?"** walang emosyong aniya na ikinagulat ng babae. Ako man ay hindi inaasahang magtatanong siya nang gano'n.

Paano niya nagagawang alalahanin pa ang taong 'yan?

Tulirong napatango si Eerah Anitha. Nilingon ko si Lovemi, na kay Taguro rin ang kaniyang paningin. Posibleng maging siya ay nagulat sa tanong nito.

Kunsabagay, dati nang ganiyan ang ugali niya. Inaalala kahit pa ang mga taong may nagawang mali sa kaniya. Mahal na mahal ko ang babaeng 'to.

"Kilala mo ba ang mga iyon?" Batid kong iyong mga nakamotor ang tinutukoy ni Taguro.

"No."

"Alam mo ba ang dahilan kung bakit ka nila hinahabol?" Walang bahid ng interes na dagdag ni Taguro. Natitigilang tumitig si Eerah Anitha sa kaniya. **"Ayos lang kahit hindi mo sabihin."**

"I have no idea. I don't know who those people are." Nanghihilakbot na umiling nang umiling si Eerah Anitha. **"Bigla na lang nila akong**

hinabol kanina, hindi ko sila kilala."

"I want to know what you were doing there," sinulyapan ni Taguro ang gawing pinanggalingan ni Eerah Anitha.

Noon lang ako nagtaka. Gusto kong tanungin bigla si Eerah Anitha kung bakit siya naroon.

"But I'm not that interested. Besides, nangyari na," dagdag ni Taguro. **"Iwasan mo na lang na magpagala-gala sa lugar na 'to nang mag-isa."**

Sa halip na tumugon ay napatitig lang si Eerah Anitha kay Taguro. Na noon ay bumaling naman kay Lovemir at sinuyod ito ng tingin.

"What are you doing here?" hindi namin inaasahan ang tanong ni Taguro. Napamaang si Lovemir. **"Saan ka nagmula at bigla kang sumulpot?"**

Namamanghang ngumisi si Lovemir. **"Sa tingin ko ay salamat ang unang salita na nararapat kong marinig mula sa iyo,"** pormal nitong tugon.

Ngunit hindi nagawang baguhin niyon ang blangkong mukha ni Taguro. Pakiramdam ko tuloy ay misteryong bumabalot sa pangyayaring ito.

"Papauwi na sana ako nang makita ko kayo. Hindi naman kabawasan sa pagkatao ko kung tutulungan ko ang isang kakilala," preskong sagot ni Lovemir.

"Salamat."

Nakangiting tumango si Lovemir. **"Inaasahan kong mas magiging maingat ka sa susunod, Maxpein."**

"Hindi ko na hahayaang maulit pa 'to, Lovemir."

"Hindi ko rin hahayaang mangyari uli sa iyo ito."

Awtomatikong nangunot ang noo ko. *What do you mean by that?* Hindi ko nagawang magprotesta. Tanging buntong-hininga at pagkuyom ng kamao ang nagawa ko. Naramdaman ko ang kawalan ko ng pakinabang kay Taguro.

"Lohr?" Natinag ako sa pagtawag ni Eerah Anitha.

Ngunit hindi ko nagawang alisin kay Taguro ang paningin ko. Bagaman wala sa akin ang kaniyang paningin.

Maski ang galit ko ay hindi ko magawang ipakita kay Taguro. Gusto kong malaman ang nararamdaman niya. Nagkamali na naman ako. Hindi man ipakita ang galit, mas nakakabahala ang pananahimik at kakaibang kilos niya. Sanay na ako ro'n pero iba pa rin ang dating niyon ngayon. Pinakakaba ako sa paraang siya lang ang may kaya.

Gusto ko nang umalis sa lugar na 'yon para magkausap kami nang ayos. Gusto ko iyong sandaling kaming dalawa lang.

"Lohr, I'm afraid," garalgal ang tinig ni Eerah Anitha.

Nagtiim ang bagang ko. Ngunit ang paningin ay naroon pa rin kay Taguro.

"I don't know who they are," patuloy ni Eerah Anitha. **"And I'm afraid that they'll follow me again."**

Napanood ko nang marahang lingunin ni Taguro si Eerah Anitha at suyurin ito nang nababagot na tingin. **"May magagawa ba si Lohr d'yan sa takot mo?"** Ipinagkadiinan ni Taguro ang pangalan ko.

Napanguso ako. *Bakit kailangang may diin 'yong Lohr? Tch!*

Napapahiyang nagbaba ng tingin si Eerah Anitha. Ngunit nabigla kaming pareho ni Taguro nang ngumisi ito.

"Why? Are you jealous?"

"Yes," agad na tugon ni Taguro na siya namang ikinagulat ni Eerah Anitha. **"Kung pwede nga lang kitang lagutan ng hininga habang nasa paligid niya, ginawa ko na. Pero masyado kang mababaw para maging dahilan."**

"Come again?" utal, napapamaang na ani Eerah Anitha saka humalakhak. **"Why do you talk like that? You're creeping me out! You're scary!"**

"Really?" nakangising tumango si Taguro. **"Kung gano'n bakit maski katiting na takot ay wala akong maramdaman sa 'yo? Ang lakas nga ng loob mong dumikit sa taong alam mong pag-aari ko."** Idiniin niya ang huling dalawang salita.

"Taguro..." pagtawag ko.

Hindi ako nilingon ni Taguro. **"Nakikita ko ang mga kilos mo at nalalaman ko ang mga ginagawa mo. Babalaan kita, dumistansya ka sa boyfriend ko at tigilan mo ang katatawag sa kaniya ng Lohr."**

Nakakalokong tumawa si Eerah Anitha. **"Sabihan mo rin kasi ang boyfriend mong 'wag masyadong magpagwapo dahil naa-attract ako."** Pinasadahan niya ako nang malanding tingin bago muling bumaling kay Taguro. **"Hm, do you see me as a threat?"**

"No."

"Are you trying to compete with me, then?" maangas na tanong ni Eerah at sininghalan ko siya ng tingin.

What the hell are you up to, Eerah Anitha?

"I'm in a competition with no one. I run my own race," malumanay na ani Taguro. **"I'm not competing with anyone. And you're a not a threat, you're a flirt."**

"Huh!" Napapahiyang napamaang si Eerah Anitha.

"Just don't flirt with my guy, that's rude and disrespectful, Eerah Anitha."

"You think I'm a flirt?" Binigyan ako ng malanding sulyap ni Eerah Anitha. **"Kalandi-landi ka naman kasi, Lohr."** Pinagkunutan ko siya. **"Natatakot ka ba sa presensya ko kaya naiisip mong maagaw ko ang boyfriend mo?"**

"Hindi naman. Ang totoo, binibigyan mo ako ng bagong dahilan para lalo siyang ingatan."

"Impressing. You should thank me."

"Enough," awat ko. Hinawakan ko ang kamay ni Taguro. **"Tumigil ka na, Eerah."**

"Lalo ka tuloy nagiging interesante, Lohr."

Sinubukan akong hawakan ni Eerah Anitha. Agad akong umiwas. Hinawakan ko ang kamay ni Taguro at sinamaan ito ng tingin.

Pinasadahan niya ng tingin si Taguro. **"Kung nagustuhan ka ni Lohr sa ganiyang hitsura, siguradong mas magugustuhan ako."**

"Stop it, Eerah Anitha." Pare-pareho kaming natinag nang sabihin iyon ni Lovemir.

"Oh!" Natutop kunyari ni Eerah Anitha ang bibig nang lingunin ang lalaki. **"So you're existing?"**

Madilim na ang paningin ni Lovemir nang lingunin ko. Maging ako ay nalimutan ang presensya niya.

"Magkakilala kayo?" nagtataka kong tanong. Pareho nila akong nilingon.

"Yes, he's the reason why I came here." Si Eerah Anitha ang sumagot. Nilingon ni ang lalaki bago muling sumulyap sa 'kin. **"But you're the reason why I'm staying, Lohr. And I'm lovin' it, you know?"**

Naalala ko iyong unang sandali na makita ko siya dito. Sinabi niyang hindi ako ang ipinunta niya. Ngunit iginiit kong sinusundan niya ako. Ngayon lang ako naniwala sa kaniya.

Buntong-hininga lang ang isinagot ko saka hinarap si Taguro. **"Let's go home, babe,"** bulong ko.

Tango lang ang isinagot niya sa 'kin. Yumuko ako upang salubungin ang tingin niya. Tila piniga ang puso ko nang hindi man lang nawala ang lungkot doon.

"Babe?" bulong ko. Inosente siyang tumingin sa 'kin. **"You know how much I love you, right?"**

"Ha?"

"Sagot."

"Oo."

Napangiti ako. **"Good."** Inakbayan ko siya at inalalayan pabalik sa kotse.

"Lohr, wait!" pagtawag ni Eerah Anitha. Natigilan siya samaan ko siya ng tingin. **"Hindi mo ba ako kukumustahin?"**

"Tch." Sarkastiko akong humalakhak. **"Why the hell would I? Kahit maghingalo ka sa harap ko, wala akong pakialam sa 'yo."**

"Hey! You're being too much!"

"Ikaw rin! Sinabi ko nang tigilan mo ako. Mahiya ka naman, Eerah? Umaasta ka nang ganiyan sa harap ng girlfriend ko? Ang tigas ng mukha mo."

"Huh! Kung alam ko lang na gaganituhin mo ako ngayon, sana pala ay pinabayaan mo na lang ako kanina!"

"Sana nga," sinamaan ko siya ng tingin.**"Nagsisi akong pinag-aksayahan pa kita ng oras. Kung alam ko lang na mas ikakakapal 'yon ng mukha mo."**

"Lohr, please!" habol niya ngunit hindi ko na siya pinansin.

Hinarap kong muli si Taguro na noon ay wala pa ring emosyon. **"Get in, babe."**Pinagbuksan ko siya.

"I just want to hear you ask how I'm doing, Lohr!" Hindi ako makapaniwalang hahabol pa rin si Eerah Anitha.

Ngunit bago ko pa siya malingon ay nasampal na siya ni Taguro. Hindi ko man lang namalayan ang pagkilos niya gayong magkaharap lang kami.

"Pitik ko pa lang 'yan kung talagang hindi ka makuha sa salita," ani Taguro, nagbabanta.

Napalunok ako. Bigla ay nawala ang kaninang tamlay ni Taguro. Mahihimigan ang inis sa kaniyang tinig. Mababakasan sa kaniyang mukha ang kawalan ng pasensya.

"Nakapanlulumo ang katotohanang wala akong magawa para matigil ka sa kadidikit sa taong pag-aari na ng iba. Tumigil ka na sa

ginagawa mo, kahit na sinong babae ay hindi matutuwa sa 'yo."

"At sa susunod na saktan mo siya, ako ang makakaharap mo." Muli kaming natigilan nang magsalita si Lovemir. Sabay na naman namin siyang nilingon ni Taguro.

Mabilis siyang lumapit kay Eerah Anitha habang ang paningin ay nasa girlfriend ko. Napailing ako nang makitang hindi nalalayo ang reaksyon niya kay Taguro. Walang emosyon ang mukha ngunit ang galit ay nasa mga mata.

"Kung gano'n ay 'wag mong daanin sa kanta ang pag-iingat mo sa asawa." Nagulat ako nang isagot iyon ni Taguro. **"Ayusin mo ang relasyon ninyo nang hindi siya nanggugulo sa relasyon ng iba."**

Asawa? Binigyan ko nang nalilitong tingin si Taguro. Ngunit hindi siya sumulyap man lang sa gawi ko.

"Wala kang alam sa amin," tiim-bagang na ani Lovemir. **"Pigilan mo ang nobyo mo kung ayaw mong maagaw siya sa 'yo."**

Ngumisi si Taguro. **"Pigilan mo ang asawa mo dahil masasaktan talaga siya sa harap ko,"** mariing aniya tsaka sinulyapan ako. **"Tara na."**

"Oo," utal nang tugon ko saka inalalayan siya pasakay.

Mabilis akong nagmaneho papalayo sa lugar na 'yon. Naghalo-halo ang nararamdaman ko. Ngunit nangibabaw ang pag-aalala sa pananahimik ni Taguro.

Si Lovemir ang asawa ni Eerah Anitha? Hindi ba't high school 'yon at college naman siya? Tch!

"Ihatid mo 'ko sa bahay," ani Taguro mayamaya.

"Gusto pa kitang makasama, babe."

"Ihatid mo ako sa bahay," pagmamatigas pa niya.

"Babe please, let's talk about this."

"We have nothing to talk about."

"Marami," kunot-noong angil ko. **"Isa na ro'n ang nangyari ngayon."** Buntong-hininga lang ang isinagot niya. **"'Wag kang magselos kay Eerah Anitha, babe, please."**

"Just take me home."

"Listen to me first, babe."

"Sarado ang utak ko ngayon. Hindi ko kayang intindihin ang mga sasabihin mo."

"Babe," nakikiusap na pagtawag ko. **"If I made you mad, I'm really sorry. 'Wag mong pag-isipan nang masama 'yon ginawa ko. I did that**

only because she needed help. Hindi ko inasahang mamasamain niya ang pagtulong ko. Please believe me."

"Paano kung napahamak ka r'on?" Hindi ko maramdaman ang pag-aalala sa tinig niya. Sa halip ay nanunumbat iyon. **"Hindi ako makapaniwalang ang mga bagay na hindi mo nagagawa sa 'kin ay nagawa mo sa ibang tao, Sensui."**

Napailing ako. **"Please don't say that, babe. Hindi ko inaasahang maiintindihan mo sa ganiyang paraan ang ginawa ko."**

"What reaction are you expecting from me?" seryosong aniya. **"Hirap na hirap kang gawin sa 'kin 'yon, bakit sa kaniya ay nagawa mo?"**

"Babe," kinabahan ako.

Iyon ang ikinatatakot kong maging reaksyon niya. Hindi ko alam ngayon kung paanong ipaiintindi sa kaniyang bale-wala sa akin iyon.

"Inaasahan kong bibilib ka dahil sa wakas ay nagawa ko na hindi ko dating nagagawa."

"Sinong matutuwa, sa ibang tao mo ginawa?"

Hindi ko malaman kung bakit malumanay siya kung magsalita pero nanlulumo ako. Nawawalan na agad ako ng pag-asang maintindihan niya.

"Iniwan mo 'ko para iligtas ang babaeng 'yon, Sensui," dagdag niya.

Gusto kong mainis. **"I asked you to get in the car, babe. Hindi ka sumunod."**

Matagal siyang tumitig sa 'kin. **"So kasalanan ko? Naagaw niya ang atensyon ko, paano akong sasakay?"**

"Okay, I'm sorry. Please, 'wag na nating pagtalunan ang dalawang 'yon."

"Si Eerah Anitha lang ang pinagtatalunan natin, Deib Lohr."

Nasapo ko ang sariling noo. **"Babe, please?"**

"Siguro naman ngayon ay hindi ka na magseselos kay Lovemir dahil alam mong mag-asawa sila?" sarkastikang aniya. Nilingon ko siya. **"Unless, ikinalulungkot mo ang katotohanang iyon."**

Awtomatiko kong natapakan ang preno nang marinig iyon. Nabigla siya at sinamaan ako ng tingin. Kunot-noo akong bumuntong-hininga. Nakapanlulumo ang pagtatalo namin.

Naglaban ang masasamang tingin namin. **"Ganiyan na ba ang tingin mo sa 'kin ngayon, Maxpein?"** Pinilit kong maging mahinahon. **"Para**

isipin mong malulungkot ako dahil mag-asawa sila? What the fuck, babe?"

"Sinabi ko na sa 'yong nagseselos ako kay Eerah Anitha, Deib Lohr."

"Ano nga ang magagawa ko, daig niya pa ang magnet kung dumikit? Hindi siya papigil. Maniwala ka naman sa 'kin, babe?"

"Kung gano'n ay pigilan mo ang sarili mo," singhal niya.

"Bakit, ano ba ang ginawa ko para pigilan ang sarili ko?"

"Gumagawa ka ng dahilan para lalo ka niyang magustohan!"

Hindi ko nagawang sumagot agad. Napapailing akong nag-iwas ng tingin. **"Sinasabi mo bang hindi ko dapat siya tinulungan?"** Hindi niya nagawang sumagot. **"No'ng mga sandaling ikaw ang gumawa n'on, ano sa tingin mo ang naramdaman ko?"**

"'Wag kang magkompara, magkaiba tayo."

"Ano sa tingin mo ang nararamdaman ko?" Hindi ko napigilang pagtaasan siya ng boses. **"Hindi ko ginawa 'yon para magpasikat sa 'yo o sa ibang tao, Taguro. But I must admit that I expected you to admire me for that."** Bumuntong-hininga ako. **"Ngayon ay alam mo na kung gaano mo akong pinagmukhang inutil sa mga oras na ikaw ang nasa gano'ng sitwasyon."**

"This is pointless," iling niya. **"Take me home."** Tuluyang nabura ang katiting na emosyon sa mukha niya.

Nasasaktan ako sa ganoong sitwasyong namin. Pero wala akong nagawa. Sa halip na magsalita ay tiningnan ko lang siya bago nagpatuloy sa pagmamaneho.

Tahimik kaming nakarating sa kanilang mansyon. Hindi pa man ako nakapaparada nang ayos ay bumaba na si Taguro. Nabigla ako lalo na nang ibagsak niya pasara ang pinto. Hindi na niya ako nilingon pa. Dumeretso siya papasok.

Hindi kita maintindihan ngayon, Taguro. Hindi ko rin maintindihan ang sarili ko.

Gusto ko siyang tiisin at isipin ang sarili ko. Pero agad din akong sumuko. Mabilis akong bumaba at patakbo siyang nilapitan. Hinawakan ko ang braso niya at pilit siyang iniharap sa 'kin pero nagmatigas siya.

"Mag-uusap tayo, Taguro."

"Kausapin mo muna ang sarili mo, baka sakaling makatulong iyon sa 'yo."

Nag-igting ang panga ko. **"Nakikiusap ako nang maayos, mag-usap tayo, Taguro."**

"Tungkol na naman saan?"

"Intindihin mo naman ako," nakikiusap ang tono ko. **"Kung ginawa ko 'yon, sorry na, please 'wag ka lang magalit sa 'kin."** Hindi ko na napigilan ang panlulumo ko. **"Inaasahan kong maiintindihan mo ako, Taguro. Sa lahat ng ikaw ang inaasahan kong lubos na makaiintindi sa 'kin."**

"'Tsaka na natin pag-usapan 'yan, hindi kita kayang intindihin ngayon." Mabilis niya akong tinalikuran.

Agad akong humabol. **"I'm asking you nicely,"** tiningnan ko siya sa mga mata. **"Let's talk. Nauubos din ang pasensya ko, Taguro."**

Nakangisi siyang tumango. **"Kung gano'n, nauubos pala ang pasensiya mo sa t'wing ubos na ang sa 'kin? Binabalaan kita, 'wag mo muna akong kausapin."**

"Then, what? Paabutin mo na naman ng ilang araw bago mo ko kausapin? At pagdating ng araw na iyon ay parang walang nangyari?" kunot-noong sumbat ko. **"Ganyan ka ba talaga? Kakausapin mo lang ako kung kailan mo gusto? Isipin mo naman ang nararamdaman ko, Taguro."**

"Maski isang segundo ay hindi nawala sa isip ko ang nararamdaman mo," ubos na ang pasensyang aniya. **"Anong mahirap intindihin sa ayaw muna kitang kausapin ngayon?"**

"I just want us to be okay before this night ends. What's wrong with that?"

"Tungkol saan na naman ba?"

"Nagseselos ka, alam ko."

"Alam mo naman pala, eh, anong magagawa mo?"

"Don't feel jealous because I don't care about that girl."

"Ganyan din ako kay Lovemir, naintindihan mo ba?"

"Bakit ikaw ngayon ang nagkukumpara?"

"Para makaintindi ka."

"Hindi ba kita naiintindihan?"

"Malamang wala ka na rito kanina pa kung naiintindihan mo 'ko, Sensui."

"Hindi ako makakatulog kapag ganitong alam kong galit ka sa 'kin." Sinikap kong maging mahinahon.

"Hindi nga tayo magkakaayos nang ganito ang lagay ko."

"Ano ba ang lagay mo?" inis nang tanong ko. **"Nasasagot mo nga ang mga sinasabi ko, ano pang kailangan mo? Hindi ko maintindihan, Taguro, bakit kailangan mo pang patagalin kung pwede naman nating pag-usapan ngayon? Gusto kong ayusin ang pinagtatalunan natin. Ayokong galit ka sa 'kin. Ayokong may iniisip kang masama sa 'kin."**

"Kaya nga sinasabi ko sa 'yo ngayon, 'wag mo muna akong kausapin kung gusto mo talagang magkaayos tayo."

"Paano naman ako?" kunot-noong tanong ko.

"Pupuntahan kita kapag ayos na ako, doon tayo makakapag-usap nang matino."

"Paghihintayin mo na naman ako?"

"Nakakasawa bang hintayin ako?" kunot-noong tanong niya.

"Wala ka talagang pakialam sa nararamdaman ko, 'no?" Nameke ako ng ngiti. Natigilan siya. **"Wala kang pakialam kung kailan mo 'ko nasasaktan."**

"Kwits lang," sarkastikong tugon niya.

Umiling ako, ang paningin namin ay nasa isa't isa. **"At least ako nag-sorry, eh, ikaw? Gano'n ba kahirap sa 'yong gawin 'yon?"** Nagliwanag ang mukha niya. **"'Yong simpleng sorry mo, malaki ang epekto sa pagkatao ko, Taguro. Bakit hindi mo magawa?"**

"Lumilihis ka sa usapan. Nagbubukas ka nang bagong pag-aawayan." Bumuntong-hininga siya. **"Sorry,"** matabang niyang ani. **"Ilang beses ba dapat?"** sarkastikang aniya. **"'Yong gaya ng sa 'yo, paulit-ulit at emosyonal?"**

Hindi ako nakatugon. Nanlulumo akong umiling. *I'm getting tired of this. Why is it so easy for you to hurt me, Maxpein?*

Hindi ko na nilabanan ang titig niya. **"Alright. Go inside. Thanks for your time,"** halos pabulong kong sabi bago siya tinalikuran. *Tch!* Tatawa-tawa akong umiling nang makasakay. *Hindi kita maintindihan, Taguro. Hindi tayo magkaintindihan.*

Batid kong nasa akin pa rin ang paningin ni Taguro. Pero hindi ko na siya nilingon pa. Tuluyan akong nagmaneho papalayo.

Masama ang loob ko hanggang sa makauwi. Wala na akong naabutang gising. Nanlulumo akong dumeretso sa kwarto at nagpahinga. Matagal akong natulala bago napagdesisyunang huwag nang mag-isip.

Pero matindi talaga ang epekto ni Taguro. Hindi ako pinatulog. Nanghihinayang ako sa hindi maipaliwanag na dahilan. Nalulungkot ako bagaman hindi nawalan.

Alam kong akin siya. Pero bakit ganito ang pakiramdam? Bakit hindi mo maintindihan kung gaano akong nasasaktan ng mga salita mo, Taguro?

Pakiramdam ko ay parati akong mali. Parati ako ang may kasalanan. Kahit ayaw ko siyang saktan ay nagagawa ko iyon. At nasisiguro kong gano'n din siya sa 'kin. Siguro dahil mahal namin ang isa't isa kaya kami lang ang may kakayahang makapanakit sa aming dalawa.

Mas matibay ako sa depresyon. Mas malakas ako sa kalungkutan. Walang makapagpaparamdam ng pagod sa 'kin. Sabihin mo lang na mahal mo ako, Taguro, ayos na ayos na ako. Parati 'yan.

Maaga akong nagising kinabukasan. Pero parang hindi ako nakatulog, lutang. Agad kong tiningnan ang cellphone, wala man lang siyang text.

Galit pa rin si Taguro.

Kung ano-ano na naman ang naisip ko. Tinamad akong bumangon. Gusto kong manatili na lang sa kama buong maghapon, magpagutom, mamaho, at mawalan ng buhay kahit isang araw lang. Gano'n ako kabaliw.

Pero imposible. Lalo ko lang siyang masasaktan kapag ginawa ko iyon. Ang hirap sabayan ng ugali mo, Taguro. Pero hindi ko kayang malayo sa 'yo.'

Natagpuan ko ang sariling kumikilos ng wala sa huwisyo. Naligo, kumain, nakipag-usap sa mga kasama nang hindi namamalayan ang mga pinagsasasabi.

Hapon na nang magising ako sa katotohanang pumunta ako sa mansyon ng mga Moon. Ilang saglit akong natulala sa labas. Iniisip kung tatanggapin ba ako kung magtangkang pumasok.

Pinagbuksan ako ng guard. Nakakagaan ng loob ang magandang ngiti niya.

Kailan ko kaya makikita ang ngiti ni Taguro. Nanghihina ako at siya lang ang kailangan ko. Gusto kong iparamdam mo uli sa 'kin na ayos tayo, Taguro.

Hindi ko maitatangging kulang na kulang ang araw ko kapag wala siya. Lalo pa ngayong hindi ayos ang lagay naming dalawa. Wala siyang text maski isa. Saulo ko na ang ugali niyang iyon. Pupuntahan niya ako kapag ayos na siya at doon pa lang kami makakapag-usap. Nasasabik na ako sa

oras na iyon. Iyong kaming dalawa lang ang nandoon. Pero hindi ako nakapaghintay kaya heto ako ngayon.

Pinatuloy ako ng maid. Si Mokz ang hinanap ko. Bagaman ang mata ko ay hinihiling na makita si Taguro. Iminuwestra ako ng maid patungo sa practice room.

Sa labas pa lang ay naririnig ko na ang istrumental music na paborito ni Mokz.Pinatutugtog niya ang mga komposisyon ni Ludwig van Beethoven para mapanatili ang kaniyang atensyon. Klasiko iyon, makaluma pero epektibo sa ensayo.

Agad na bumungad sa 'kin ang malakas na tawa ni Mokz nang makapasok. **"Hello, son,"**agad niyang bati. **"How may I help you?"**

Nangunot ang kaniyang noo matapos suyurin ng tingin ang kabuuan ko. Gusto kong mainsulto. Pero hindi ko itatangging bangag ako kaiisip sa mabait niyang apo.

"I brought you something." Iniabot ko ang dala kong paperbag.

"Oh," tumango-tango siya habang nagkakamot ng ulo. **"Alak, sa hapunan? Mukhang mahaba-habang kumustahan ito."**Muli siyang humalakhak.

Ang totoo, bukod kay Taguro ay gusto kong makausap si Mokz. Pakiramdam ko ay nasa kaniya ang mga sagot sa gusto kong marinig. Bagaman wala sa edad ni Mokz ang makipagbiruan at makipag-usap sa tulad ko. Posibleng magtampo sina daddy at lolo kapag nalaman ito. Pero alam kong si Mokz ang gusto kong makausap ngayon.

"Ano ang sa 'tin?" nakangiting tanong niya mayamaya.

"Nakaabala ba ako?"

Umiling siya. **"Ikinalulugod kong makita ka, hindi nga lang sa ganiyang hitsura?"** Pinagtawanan niya ang hitsura ko. Napabuntong-hininga na lang ako. **"Mukhang umiral na naman ang katigasan ng ulo ng batang iyon. Kaya may magandang lalaki na nagmumukmok ngayon sa harapan ko. Sabihin mo sa akin, sa anong paraan mo siya gustong matuto?"**

Namilog ang bibig ko. *Hindi ko kayang saktan ang puso ko, nagmamakaawa ako sa iyo, Mokz.*

"May hindi lang pagkakaintindihan."

"Mahirap talagang intindihin ang batang iyon," nakangiting aniya bagaman seryoso. Bigla akong nalungkot. **"Ang utak niya ay parang sinulid na ipinasok sa karayom 'tsaka inirolyo nang inirolyo...nang**

inirolyo, hanggang sa magkabuhol-buhol lalo ito," makahulugang aniya, hindi ko iyon nakuha. **"Sabihin mo sa akin, ano ang gumugulo sa isip mo?"**

Inilahad ko ang buong detalye kay Mokz. Walang labis at walang kulang. Sineryoso niya ang pag-inom sa alak na dala ko. Kakatwa nga lang na binabantayan niya ang bawat laghok ko.

Pero hindi ko pa man naririnig ang mga payo niya, niyaya niya akong mag-ensayo. Pumayag ako, epekto ng alak. Sipa rito, tadyak doon ang ginagawa namin. Suntok sa ere at pagsalo ng siko, at kung ano-ano pa. Huli na nang mapagtanto kong ginawa niya iyon para maipalabas ko ang sama ng loob. Siya tuloy ang napagbuntunan ko.

May mga sandaling nagugulat siya sa sinasabi ko, kadalasan ay tinatawanan niya lang. Hindi ko maintindihan ang sarili ko. Bagaman napapanguso ako sa t'wing pagtatawanan ni Mokz ang kwento ko, gumaan talaga ang loob ko.

"Pakiramdam ko tuloy ay bale-wala lang sa kaniya ang nararamdaman ko," nakangusong pagtatapos ko sa kwento. Kasabay niyon ang pagsuntok na agad niya namang nailagan. Mabilis si Mokz at talaga namang napakahusay. **"Hindi niya alam kung gaano kalakas ang epekto sa 'kin ng mga salita niya. Minsan natatakot na akong sumaya. Dahil sa t'wing masaya ako, parating may kasunod na hindi magandang pangyayari."**

"Hindi. Huwag mong isipin iyon, hijo. Natural na magkasakitan kayo dahil nagmamahalan kayo. Kayo lamang ang may kakayahang saktan ang damdamin ng isa't isa nang higit pa sa inaasahan patungkol sa relasyon ninyo," hinihingal na aniya habang tumatakbo papalayo at akmang susugod.

Umiwas ako at inambaan siya ng suntok. Pumailalim ako at natadyakan siya sa braso. Malamig sa practice room, isa sa mga bagay na hinangaan ko, kaya naman maski ang pagpawisan ay hindi mo mararamdaman. Presko sa katawan ang malamig na hanging ibinubuga ng air conditioner.

"Pero hindi niya ba naiisip na 'yong mga sasabihin niya ay makakapanakit sa 'kin?"

"Nakainom siya kagabi, iyon ang kwento mo?" aniya.

Natigilan ako. Nang mga oras na nagtatalo kami, nawala sa isip kong nakainom nga pala siya. At maaaring may epekto ang alak sa mga pinagsasasabi niya. Hindi ko tuloy naiwasang makaramdam ng hiya.

"Maaaring isang bagay iyon kaya siya nagkaroon ng lakas ng loob masabi ang saloobin niya."

Ngumiwi ako sabay salo sa mabagal na sipa niya. **"Tch. Kaya pati 'yong mga bagay na hindi maganda sa pandinig ko ay nasabi rin niya,"** sarkastikong tugon ko.

Nadinig ko siyang bumuntong-hininga. **"Hijo, pagpasensiyahan mo na ang batang iyon. Sapagkat may ugali siyang siya lamang ang nakaiintindi. Huwag mo na muna siyang pagsawaan."**

Pinandilatan ko siya. **"Hindi ko sinabing pinagsasawaan ko siya, Mokz,"** nakokonsensiyang sabi ko. **"Hindi ko siya pagsasawaan. Mahal na mahal ko siya."**

"Alam kong magiging mahirap sa parte mo pero wala kang magagawa kung hindi ang intindihin siya. Ganiyan ang mga babae kung minsan. Ha ha ha! Magagalit nang hindi mo malaman ang tunay na dahilan. Kesyo ganito raw o ganiyan! Ha ha ha! Kalaunan, malalaman mong nagseselos lang pala o di kaya nama'y nais lamang magpalambing sa iyo? Ha ha ha! Mga babae, hijo. Babae."

"Tch. Kapag nilalambing ko naman, akala mo, tuod," inis kong singhal. **"Hindi man lang magpakita ng emosyon o ano. Mas madalas pa nga akong mag-birthday kaysa pagpaparamdam niyang mahal na mahal niya ako."**

"Eh, bakit ka pa tumagal sa 'kin kung hindi mo maramdamang mahal kita?"Nahinto ako nang si Taguro ang sumagot sa sinabi ko.

Ang puso ko!

Kinilabutan at napalunok ako sa boses at sinabi ng babaeng minahal ko bukod kina mommy at *noona*. Nakita ni Mokz ang pangit kong reaksyon, napapahiya.

Marahan akong pumihit paharap kay Taguro. Ngunit agad din akong nanlumo nang makitang pulos itim ang suot niya.

Anong meron sa all black? Tch. Lovemir na naman? Nakakainis!

Black sando, pants at rubber shoes ang kaniyang suot. Hindi ko malaman kung bakit baduy iyon sa paningin ko pero bagay sa kaniya. Bagay ang lahat ng damit, maging ang baduy, kay Taguro.

Nginusuhan ko siya. Pinagkunutan niya naman ako ng noo. Magsasalita na sana ako nang masulyapan si Yaz na noon ay kapapasok lang. Masama na ang tingin sa 'kin ni Taguro nang malingunan ko.

"What are you doing here?" maangas niyang tanong saka lalamya-lamyang lumapit.

Napasinghap ako nang magharap kami. Napailag pa nang may abutin siya mula sa aking likuran. Kunot-noo, napapabuntong-hininga niyang tiningnan ang bote ng alak.

"Dumalaw lang," noon lang ako nakasagot.

Ngumiwi siya. **"Hindi ko alam na dumadalaw ka dito nang lingid sa kaalaman ko?"** aniya saka nilingon si Yaz at may ibinatong kung ano dito.

Nakanguso kong tiningnan kung ano iyong ibinato niya. Bahagyang nanlaki ang mata ko sa mahaba at itim na kahita. Mukhang espada.

Nilingon kong muli si Taguro, pilit na pinaiiksi ang haba ng nguso ko. Mukhang hindi niya inalis ang tingin sa 'kin.

Hindi naman lahat ay kailangang alam mo, Taguro. Tch! Ngayon ay ako ang gagamit ng mga pamatay na linya mo. Dahil ilang oras na nagluksa ang puso ko. Kasalanan mo ang lahat nang ito. Sinasaktan mo ako nang hindi mo namamalayan. Malalagutan na ako ng hininga at kanina ay parang pinagsisisihan kong nagmulat pa ako ng mga mata mata.

"I'm talking to you," aniya nang hindi ako magsalita. **"Why are you here?"**

"Dumalaw nga lang, Taguro."

"Dumalaw?"

"Du. Ma. Law. Dumalaw," sarkastikong tugon ko.

"At sino namang dinalaw mo?" sarkastiko ring tugon niya. **"Ito?"** Bigla ay sinuntok niya ang punching bag na nasa harap ko dahilan upang tumama iyon sa 'kin. Nawalan ako ng balanse at natumba.

"Ano ba, Taguro!" nakatingala kong singhal. **"Aray!"**

"Tss."

"Bakit mo 'ko sinuntok!"

"Wow," namamangha siyang nagbaba ng tingin. **"Sinuntok?"** nameke siya ng tawa. Napanguso ako. **"Kung sinuntok kita, paniguradong ngumangawa ka na."**

"Ang yabang mo!"

"Matagal na."

Inis akong tumayo. **"Eh, ikaw? Anong ginagawa mo dito? Naramdaman mong nandito ako kaya nagpapansin ka?"**

"Tss. You wish," dinig kong bulong niya. **"May practice ako."**

"Nang ano?" kunot-noong tanong ko.

Tumitig siya sa 'kin, pinatunog ang leeg at mga daliri. **"Kailangan kong iehersisyo ang pakikipagbuno sa mga babaeng gaya ko."**

Napalunok ako sabay hakbang papalapit. **"Bakit, babe?"** malambing nang tanong ko.

Nginiwian lang ako ni Taguro. Natawa naman sina Yaz at Mokz sa inasta ko. Lalo tuloy akong napanguso.

Bahagya nang nakangisi si Taguro nang muling lingunin ko. Gagantihan ko na sana siya ng ngiti nang muli niyang suntukin ang punching bag! Sa ikalawang pagkakataon ay tumama iyon sa akin, muli akong nawalan ng balanse at natumba.

Tsk! Gustong-gusto niya kapag napapahiya ako, badtrip!

"May kasalanan ka na naman sa 'kin,"mayabang niyang sabi.

"Ano?"

"May kasalanan ka na naman sa 'kin," pag-uulit niya.

Napamaang ako. *Kasalanan? Ano? Paano? Bakit?* Nakanguso akong lumapit.**"Wala naman akong ginagawa, babe."**

"'Wag mo kong ma-babe-babe, tumayo ka diyan," maangas na aniya. Napapamaang akong sumunod.

Naglabas ng dalawang pares ng pula at asul na boxing gloves si Mokz. Bawat pares ay ibinato niya kina Yaz at Taguro. Pinanood ko si Taguro na isuot ang mga iyon. Hindi ko naiwasang mapangiti dahil mukhang pati ang pagsusuot niyon ay inuubos ang pasensiya niya. Halos magmukha siyang matanda sa sobrang pagkakakunot ng noo.

Pabato ring iniabot ni Mokz kay Taguro ang dalawang pares ng sapatos. Lalong sumama ang mukha ni Taguro matapos sulyapan ang mga iyon.

Grabe, ang tanga niya.

Hindi niya naisip ang magsapatos muna bago ang magsuot ng gloves. Mukhang mahihirapan tuloy siya.

Bumuntong-hininga siya, senyales na ubos na talaga ang pasensiya niya. Kung hahayaan niya akong mag-imagine, sa isip ko ay huhubarin niya ang gloves, ibabato iyon sa mukha ko at sasapakin si Mokz. Saka payapang lilisanin ang practice room na ito. Pero dahil napahiya siya, hindi niya iyon ginawa.

Nang umasta siyang huhubarin ang gloves ay tumayo ako. Natigilan siya at nagtama ang paningin namin.

"Maupo ka," utos ko. Tumaas naman ang kilay niya. **"Maupo ka, isusuot ko sa iyo ang sapatos."**

"'Wag na."

"Maupo ka!"

"Eh, kung tadyakan kaya kita?"

Napanguso ako. *Ang sama ng ugali niya! Hambog!* **"Maupo ka na, minsan ko lang gagawin 'to,"** giit ko.

At dahil nga mayabang siya, bumuntong-hininga na naman siya bago naupo.

Kinuha ko ang mga sapatos saka lumuhod sa harap niya. Sumama ang mukha niya nang mahuli ang titig ko. Tiningala ko siya habang marahang hinuhubad ang sapatos. Hindi ko maiwasan ang mangiti dahil itinatago niya ang hiya. Itinikom niya nang todo ang mga labi.

"Ang puti ng paa mo," namamanghang usal ko tsaka siya binigyan ng nanunuksong tingin.

Sinamaan niya na naman ako ng tingin. Iginuhit ko ang hintuturo sa talampakan niya. Napapamaang niya akong pinandilatan.

Natawa ako. **"Nakiliti ka?"** Minasahe ko ang paa niya.

Nakagat niya ang ibabang labi, nawawalan na naman ng pasensya. Kiniliti ko ulit siya, awtomatiko siyang pumalag.

"Sisipain talaga kita," banta niya.

Natatawa na naman ako. **"Nakikiliti ka, babe?"**

"Eh, kung kilitiin kita gamit 'to?"Pinagsuntok niya ang dalawang kamaong naka-gloves.

Sabi ko nga, eh. **"Tch. May kahinaan din pala ang hambog?"** bulong ko. Sumama na naman ang mukha niya. **"Hehe, ako ang kahinaan ng hambog."**

"Bilisan mo!"

"Yes, boss! Bibilisan ko nang may pagmamahal!"

"Tss."

Agad niyang binawi ang paa nang maisuot ko ang sapatos. Sumimangot siya nang todo saka inis na tumayo at sinipa ang tuhod ko.

"Ano ba? Nananakit ka na, ah?" reklamo ko.

Sa halip na pansinin ako ay lumapit siya kina Mokz at Yaz na abala sa pag-eensayo ng espada. Naaala ko tuloy iyong espadang nakita ko sa ilalim ng kama ni Taguro. Maging iyong sandaling sinugod kami ng grupo nina Mallyu at Yago sa TB ay naalala ko.

Tumabi ako kay Taguro na noon ay tutok ang paningin sa mabilis na pagkilos ng dalawa. Nakakabilib si Yaz. Hindi halatang fencing ang sports

niya. Hindi man kasimbilis ni Taguro ay mabilis pa rin kompara sa akin ang kilos niya.

"Tuturuan ako ni Yaz sa paggamit ng espada," ani Taguro. Nagkatinginan kami.**"Siya ang magaling pagdating sa bagay na 'yan."**

"Bakit kailangan mong matuto niyan?" kunot-noong tanong ko.

"Para—"

"Makipag-away?" inunahan ko siya. Nginiwian niya ako. **"Taguro, ayaw kong nakikipag-away ka."**

"Hindi ako nakikipag-away."

"Ayaw ko ang kung anumang tawag mo r'on. 'Wag ka nang pumasok sa gulo."

"May mga bagay na kailangang kong gawin."

"Like what?"

"Espadahan," nakangisi niyang tugon. **"Sa mga babaeng gaya ni Eerah Anitha."**

Sumama ang mukha ko. *Napakayabang!*

"Ayaw mo bang saktan ko ang babae mo?"

"Hindi ko siya babae!"

"Really?" nginisihan niya ako nang nakataas ang kilay. **"Siguraduhin mo lang. Binantaan kita noon. Hindi ako magdadalawang-isip na gawin ang mga iyon ngayon."**

"Tch. Puro banta," bulong ko.

"Eh, di tawagin mo siya rito, iligtas mo siya sa mga kamay ko. At kapag naabutan ko kayong pareho, wala ka nang tatawaging Taguro."

"Babe naman, eh!" inis na bulalas ko. Maging sina Mokz ay natatawang nilingon ako.

"Tss, bading," bulong niya saka tinalikuran ako.

Nakanguso ko siyang pinanood na sumali kina Yaz at Mokz. Nakipagbulungan siya sa mga ito saka nakangising lumingon sa gawi ko. Sumama ang mukha ko.

Patay ka sa 'kin mamaya. Ginagalit mo talaga ako, Taguro.

Sabay-sabay kaming napalingon sa pinto nang bumukas iyon at iluwa si Maxwell.

"Oh, my god!" agad na bulalas ni Yaz.

Tch. Pareho silang OA ng kapatid niyang parrot.

Ipinagtaka at ipinagbuntong-hininga ni Maxwell ang presensya ko. **"I didn't know you're here?"** aniya nang makalapit sa 'kin.

"I came to visit."

Nakipagkamay siya sa'kin. **"To visit?"**

Napangiwi ako. *Ano ba'ng kataka-taka sa pagbisita? Tch. Hindi ba ako welcome dito? Tch!*

Sinabi ko ang dahilan ng pagpunta ko. Habang nagkukwento ay nalingunan ko si Yaz na noon ay inaayos ang sarili. Ang paningin niya ay tutok sa katabi ko, namumula pa. Nang lingunin ko si Maxwell ay nakatingin lang siya sa kapatid.

"Are you ready?" tanong ni Maxwell sa kapatid. Tumango si Taguro.

"Yes, I'm ready!" sagot ni Yaz. Tinapunan siya nang nanunuyang tingin ni Maxwell.

Sumimangot ako. 'Ayun na naman iyong makahulugang tinginan ng mga Moon. Iyon bang intindihan nila gamit ang mga mata.

Nagulat ako nang lumapit sa 'kin si Taguro at inabot ang isang pares ng gloves.

"What's this?" taka kong tanong.

"Labanan mo 'ko."

"Ano?"

"Labanan mo 'ko." Matyaga talaga siyang ulitin ang sinasabi kapag iniisip niyang hindi siya narinig o naintindihan.

*Labanan ang puso ko? Bakit? Paano?*Natutulirong tinitigan ko siya. **"Hindi kita kayang saktan, babe,"** usal ko. Nadinig kong humalakhak si Maxwell.

"Sino naman ang may sabi sa 'yong masasaktan mo 'ko?" puno ng yabang na ani Taguro. Sumimangot ako. **"Baka nga hindi mo masalo maski pinakamahinang suntok ko?"** umiiling siyang tumawa.

"Tch! Baka binigyan ako ng award ni Mokz, dahil mahusay ako? Huh!"

Nanliit ang paningin niya. **"Kung gano'n ay nakikipagkita ka nga sa kaniya nang lingid sa kaalaman ko?"**

Natigilan ako. **"Ano kasi, babe, kasi... I love you, babe."** Hindi ko malaman kung paano siyang sasagutin.

"Tss. Kumilos ka, labanan mo ako," muling hamon niya.

"Hindi ko kaya, babe."

"Kayanin mo!" singhal niya.

Natigilan ako nang makitang galit siya. Maging ang mga naro'n ay nagulat at nagtaka sa iniasta niya.

"Sino ang may sabi sa 'yong magsanay ka ng basic martial arts?" tiim-bagang niyang tanong. **"Kaya pala may lakas ng loob ka nang kumilos dahil praktisado ka, at mahusay pa?"** sarkastika siya. **"Tingnan natin kung mapakikinabangan ang natutunan mo. Labanan mo 'ko."**

"Ang yabang mo." Halos maibulong ko iyon. Ayaw kong ipahiya siya sa kaniyang pamilya. Pero iyon ang gusto kong iparating sa kaniya.

"Kapag hindi ka nanalo sa 'kin, ititigil mo ang kalokohang ito."

"Hindi ito kalokohan, Taguro. Ang sabi ni Mokz ay magagamit ko rin ito."

Huminga siya nang malalim at pumikit. Masama na ang tingin niya nang magmulat. Nilabanan ko iyon. Ayaw kong ipakita sa kaniyang natatakot ako, o mahina.

Ayaw kong masaktan niya ako sa paraang hindi niya sinasadya ngunit ganoon ang dating sa akin. Ayokong masaktan nang siya ang dahilan. Pero ayaw ko ring masaktan siya nang dahil sa ibang babae. Magulo, pero iyon ang totoo.

"Nitong mga nakaraan ay kinakitaan namin ng kahinaan si Maxpein," binasag ni Mokz ang katahimikan. Nagkatinginan kami ni Taguro. Nginusuhan ko siya. **"Ikinalulungkot ko pero isa ka sa mga dahilan, Deib Lohr."** Natitigilan kong nilingon si Mokz. Nakangiti niya akong tinanguan. **"Naging emosyonal siya nang dahil sa iyo."**

"Mokz," pagtawag ni Taguro. Hudyat na kailangan nang ihinto ni Mokz ang tsismis.

Tch!

"Sige, Deib Lohr," ani Mokz, naroon ang pagmamalaki. **"Ipakita mo sa kaniya ang natutunan mo sa akin. Matutuwa akong panoorin kayo."**

"Tss. Mukhang naturuan mo siya nang maayos," mayabang na namang ani Taguro, nang-aasar. **"Kailangang masuntok mo ako nang hindi nawawala sa pagitan natin ang punching bag na ito."**

Wala pa man ay kinakabahan na ako. **"Paano 'yon, babe?"**

"At wala kang itatawag sa 'kin dito kung hindi Pein."

Babe naman... Nakanguso akong sumimangot.

"Simple lang," patuloy niya. **"Pareho nating iikutan ang punching bag. Susuntukin kita, susuntukin mo rin ako. Sa madaling salita, magsusuntukan tayo."**

"Hindi ko nga kaya!"

"Kaya mo, Deib Lohr," pinagkadiinan niya ang ikalawang pangalan ko, nang-aasar lalo.

"Inaasar mo ba ako, Pein?"

"Kung naasar ka, Lohr."

"Tigilan mo kung gano'n!"

"Labanan mo 'ko kung gano'n."

"Tsk."

"Let's start," ani Maxwell. Nilingon ko siya. Inosente siyang tumingin sa 'kin. **"Are you ready?"**

Napamaang ako. *Kasali rin siya? Anak ng...*

"Ready! Yes, I'm ready!" si Yaz ang sumagot, nakataas pa ang mga braso.

Inis naman itong nilingon ni Maxwell. **"Oh, I didn't know you're here."** Tinalikuran niya si Yaz. Hindi niya tuloy nakita nang ambaan siya nito.

Wala na akong nagawa nang pumuwesto si Taguro. Nagsimula siyang umikot dahilan para sumabay ako. Sa paaran ng pagtingin niya ay hinihintay niya akong sumugod. Habang papalapit ako ay pasama nang pasama ang tingin niya. Patulis naman nang patulis ang nguso ko.

Hambog! Mayabang! Taguro!

"Hindi mo 'ko matatalo sa pamamagitan ng mga tingin mo, Deib Lohr," sarkastikong aniya nang makalapit ako. **"Pero kaya kitang pabagsakin sa loob ng isang segundo."**

Matagal bago ako nakasagot. **"'Wag mo 'kong yabangan, Taguro. Aaminin kong hindi kita matatalo gamit ang kaunting nalalaman ko,"** lumapit ako upang tunghayan siya. **"Pero mapababagsak kita...gamit ang labi ko."**

Natigilan siya. Napanood ko nang magsalubong ang mga kilay niya. Gusto kong matawa.

Bumagsak ang lebel ng kayabangan ni Taguro mula 100% papunta sa .0%

Isang Deib Lohr Enrile lang ang nakakagawa niyan, Taguro, hahaha! Ang punching bags sa paligid ay... alam mo na! Naghuhugis puso, lalo na iyong mga pula! Bwaha—

"Aray!" Nahinto ako sa pagmumuni-muni nang ibalibag ako ni Taguro nang hindi ko namamalayan! Umarko ang likod ko sa sakit. Salamat sa makapal na foam mats ng floor. **"Why did you do that!"** angil ko.

Itinukod niya ang tuhod at tiningnan ako. **"Hinamon mo 'ko, eh."**

Kumunot ang noo ko. **"Hinamon? Sa anong paraan kita hinamon, Taguro?"** asik ko.

"Sa paraang nanghihina ako," pabulong na tugon niya, iyong ako lang ang makaririnig. Saka siya tumayo at iniwan ako.

Sa paraang nanghihina siya? Bakit siya nanghina? Tanga ba siya? Tch!

Nahihirapan man ay nagawa kong bumangon at muling harapin siya. Nahagip ng paningin ko si Yaz na hindi makalapit sa nabuburyo nang si Maxwell. Sa tingin ko, gaya namin ni Taguro ay magpapambuno rin sila. Ang kaninang nagsasabing matutuwang panoorin ako na si Mokz ay nawalang parang bula sa paligid. Muling tumugtog ang klasikong tugtugin at nasa harapan ko na naman si Taguro.

Ngumuso agad ako. **"Anong mapapala ko kapag nanalo ako?"**

Nagkibit-balikat siya. **"Depende sa 'yo."**

Ngumisi ako. **"Panghahawakan ko 'yang sinabi mo, Taguro, dahil kung hindi..."**

"Ano?" mayabang niyang asik.

"Kikilitiin kita gamit ang labi ko."

"Kumilos ka na!" singhal niya.

Natawa ako. Ngunit agad ding natigil nang suntukin niya ang punching bag. Kung hindi ako alerto ay tumama na naman iyon sa mukha ko.

"Taguro, ah!"

Para kaming mga bata na naghahabulan sa magkabilang panig ng punching bag na iyon. Siya ay galit na galit habang ako...

Well, it's not that I'm enjoying but... hahaha, she's so damn cute!

Gusto kong tumawa kung posible, ngunit madaragdagan lang niyon ang inis ni Taguro.

Ikinagulat niya ang pag-ilag ko sa anumang suntok na gawin niya. Walang tumatama sa 'kin maski isa. Hindi ko alam kung sinasadya niyang hindi ako patamaan.

Hindi ako kailanman umamba ng suntok sa kaniya kundi iyong punching bag ang sinusuntok ko.

Paulit-ulit, at habang tumatagal ay nag-e-enjoy na kami. Hindi ko namalayan ang oras. Ang pagod ay hindi ko naramdaman. Nakakatuwang panoorin si Taguro.

Ang babaeng isang dangkal lang ang pasensiya. Hahaha!

"Ah!" usal niya nang tamaan ko ng punching bag sa puwet. Natawa ako.

Nang umasta siyang iikutan muli iyon ay muli kong sinuntok ang punching bag. Dahilan upang matamaan naman siya sa tigiliran. Sinamaan niya ako ng tingin.

Ngumisi ako. **"Ito ang gusto mo, Taguro,"** pang-aasar ko.

"Hinahamon mo ba ako?"

Ngumiwi ako. **"Hindi ko na susubukan."**Batid kong naitanong niya na sa 'kin iyan at nasagot ko na rin gaya ng isinagot ko ngayon. Nakakatuwa lang.

Napipikon na siya sa 'kin, pero puro lang naman yabang. Kunsabagay, hindi ko na hihilinging seryosohin niya ako dahil baka ikamatay ko 'yon. Hahaha! Oh, Taguro, patayin mo ko ng iyong pagmamahal— **"Anak ng..."**Nahinto na naman ako sa pagmumuni-muni.

"Puro ka imagine!" singhal niya matapos niya akong patamaan ng punching bag sa mukha.

"Ang mukhang ito, Taguro, iniingatan ng buong angkan ko!"

"Ah, talaga? Kaya pala hinahabol ng angkan ng iba. Tss."

"Talagang hindi mo maalis si Eerah Anitha sa isip mo, 'no?" inis kong singhal.

Awtomatiko siyang huminto. Sumeryoso. Unti-unting sumama ang tingin. Wala ng pasensya.

"Sino animal naman ang may sabi sa 'yong si Eerah Anitha ang tinutukoy ko?"

Ako naman ang natigilan. *Eh, sino ba? Aww...*

Hinubad niya ang gloves nang hindi inaalis ang masamang tingin sa 'kin, at ibinato iyon sa mukha ko.

"Aray..." Hindi ko na nakuhang magalit. Mas galit siya.

"Humanda sa 'kin iyang Eerah Anitha mo. Ibuburol ko kayo nang sabay!" asik niya. Nanlaki ang mga mata ko. **"Siya ay naghihingalo, at ikaw ay buhay na buhay. Magsalo kayong dalawa ng hininga sa ilalim ng lupa!"** Tinalikuran niya ako.

Nilingon kami nina Yaz at Maxwell nang may nagtataka at nagtatanong na tingin. Nagkibit-balikat ako saka nagmaang-maangan.

Huhuhu. Sino ba kasi ang tinutukoy niya?

"Babe!" habol ko. Paakyat na siya nang maabutan ko. **"Taguro..."**

"'Wag mo 'kong lalapitan, mas masakit ang sapak ko kapag tumama sa 'yo 'tong buto ko."

"Taguro naman, eh, hindi naman kasi si Eerah Anitha 'yong—"

Kusa akong natigilan nang lingunin niya ako.

"Babe," nakangusong sambit ko. Ang sama-sama-sama-sama ng tingin niya.

"Sinabi ko bang banggitin mo 'yong babaeng 'yon? Tss. At talagang binanggit mo no'ng libang na libang na tayo, eh, 'no?" sarkastikong dagdag niya. **"Hindi ka ba makatiis nang hindi binabanggit ang pangalan niya?"**

"Ano? Babe, 'wag ka ngang OA?"

"Wow, OA na 'ko ngayon?"

"Hindi ka naman dating ganiyan, ah? Inaaway mo na naman ako nang walang dahilan. Tsk."

"Walang dahilan? Ang banggitin mo si Eerah nang walang dahilan —iyon mismo ang dahilan!" singhal niya. Hindi na ako sumagot pa. **"Umuwi ka na."**

"Hindi mo man lang ba ako ide-date, babe? Napagod ako," nakanguso kong sabi.

"Anong date? Tss! Asa!"

"Hindi mo na ba ako mahal?"

"Mahal kita!"

"Eh, bakit parati mo 'kong inaaway?"

"Tss, ewan sa 'yo."

"Babe," habol ko, pilit na itinatago ang ngiti sa mukha.

Sa unang pagkakataon sa araw na ito ay nayakap ko siya mula sa likuran. Napakasarap sa pakiramdam.

"'Wag mo na 'kong awayin, babe."

"Lumayo ka sa 'kin."

"Didikit ako sa 'yo lalo!" asik ko. Lalo kong hinigpitan ang yakap. **"Lagi mo na lang akong inaaway. Pakiramdam ko tuloy ay hindi mo na talaga ako mahal. Ayaw mo na sa 'kin at meron ka nang iba."**

"Hanep."

"Hehe. 'Wag mo na 'kong awayin, babe. Let's have a date. Dahil durog na durog na 'yong puso ko."

"Diyan ka magaling, sa pagpapa-cute."

"Hindi ako nagpapa-cute, babe. Seryoso ako, cute lang talaga sa paningin mo."

"Tss."

Sumeryoso ako talaga. **"'Wag mo na akong awayin. Ha?"** nakikiusap na dagdag ko. **"Kung gusto mong pag-usapan 'yong nangyari kagabi, ayos lang. Sabihin mo sa 'kin lahat ng ayaw mo, babe, gagawin ko lahat."**

"Layuan mo ang babaeng 'yon."

"Eh, di nagseselos ka nga sa kaniya?" paglalambing ko. Hindi naman siya sumagot. **"Babe, nagseselos ka sa kaniya?"**

Buntong-hininga lang ang isinagot niya. Saka inalis ang mga braso ko at pabatong binitiwan iyon. Tumuloy siya sa pag-akyat, sumunod ako. Dumeretso siya sa asul na pinto, nagpatuloy rin ako sa pagsunod. Ngunit nang akma niya akong pagsasarhan ay iniharang ko ang aking braso. Bahagya akong naipit ngunit nagpanggap pumalahaw sa sakit.

Deib Lohr Enrile slash Mr. Perfect can now act. Hahaha!

"Sorry," awtomatikong aniya.

Pinagbuksan niya ako at agad na sinuri ang aking braso. Gusto kong matawa nang mabasa ang pag-aalala sa kaniyang mukha. Lalo kong ginalingan ang pagpapanggap.

"Wala naman kasi akong sinabi na sumunod ka, tsk." Hinipan niya ang braso ko na para bang napaso iyon. Gusto ko lalong matawa.

Habang tutok siya sa braso ko, sinilip ko ang kwarto.

Nagpanggap pa akong nanghihina. **"Ihiga mo 'ko, babe."** Inakbayan ko siya habang sapo ang sariling noo.

"Tss. Tigilan mo na, OA na, eh."

"Babe, masakit talaga."

"Masakit?"

"Oo, babe."

Inakay niya ako papasok at iniupo sa silya, saka muling kinuha ang braso ko. **"Saan masakit?"**

"Dito, babe, halikan mo 'ko, babe."

"King inang 'yan," angil niya tsaka ibinato ang braso ko.

Humalakhak ako. **"Kwarto mo 'to, babe?"**

"Oo, at walang nakakalabas nang buhay rito."

Napapalunok akong tumitig sa kaniya. Nagpigil siya ng tawa. **"Ibig mong sabihin ay papatayin mo ako ngayon sa pagmamahal?"**seryoso kong tanong.

"Hanep, ikaw na ang pinakakorning tao na nakilala ko."

"Hehe. Ako pa lang naman yata ang nakapasok dito, 'no, babe?" Iginala ko ang paningin.

"Si Randall ang nauna—"

"Ano!"

"Oo, at kasal na siya," nakangiwing aniya. **"Make yourself comfortable."**

Malaki ang kwarto, at pambabae. Malayong sa kwarto niyang nandoon sa apartment nila ni Parrot. Karamihan ng gamit dito ay antigo at halatang mamahalin. May pagkakapareho ang mga kulay at disenyo.

"What are you going to do here, babe?"tanong ko.

Nagkibit-balikat siya saka lumapit sa cabinet. Ibinato niya ang isang black shirt sa 'kin.

"What's this?"

"Magpalit ka. Amoy alak ka."

"Wala akong tama, babe."

"Hindi ko naman sinabing may tama ka, ang sabi ko magpalit ka."

"Sa harap mo?"

"Pwede rin sa harap ni Eerah," sarkastikong tugon niya saka pasiring na inalis ang tingin sa 'kin.

Ngumuso ako saka hinubad ang shirt ko. Nang lingunin ko siya ay nakapamaywang lang siya habang nasa cabinet ang paningin. Ngumisi ako tsaka pinagpag ang shirt na inabot niya't mabilis na isinuot 'yon. Doon niya lang ako nilingon.

Haha! Paniguradong tinitingnan niya rin ako sa gilid ng mga mata niya.

"Bagay na bagay sa 'yo," nakangiting aniya.

Humalakhak ako. **"Walang damit na hindi babagay sa isang Deib Lohr Enrile, Maxpein. Pakitatak 'yan sa kukote mo."**

"Pwede ka ngang iburol gamit 'yan sa totoo lang, kasama si Eerah Anitha."

"Ano ba, Taguro!"

"Tigilan mo ang kasisigaw sa 'kin, Enrile, nandito ka sa teritoryo ko," makapangyarihang aniya. Tumiklop naman agad ako.

Natinag kami sa tatlong magkakasunod na katok, kusa iyong bumukas. Pumasok si Maxwell kasunod si Yaz. Hindi man lang ako tiningnan nito, deretso na agad ang tingin kay Taguro. Bigla akong nahiya pero parang bale-wala sa kanilang makita kami sa iisang kwarto.

"Aalis na muna kami," paalam ni Maxwell.

Nagtaka si Taguro. **"Kayong dalawa?"** Itinuro niya ang dalawa.

"Tsh, may duty ako," ani Maxwell. Ngumuso naman si Yaz. **"Kaya niyang umuwi nang mag-isa. Dala niya raw ang kotse niya."**

"Ingat kayo," ani Taguro.

"Hindi kami magkasama," tugon ni Maxwell.

"Wala naman akong sinabi, kuya," nakangising ani Taguro.

Sumama ang mukha ni Maxwell bago ako lingunin. **"We'll go ahead, bye."** Mabilis niya kaming tinalikuran. Nakanguso lang kaming kinawayan ni Yaz.

"Solo na pala kita ngayon?" nakangisi kong baling kay Taguro.

Kumurap-kurap lang siya. **"Maliban sa mga katulong, oo. Umalis si Mokz at wala ang mga Moon dito,"** muli siyang humarap sa cabinet.

Tumayo ako pumunta sa likuran niya. *Hindi niya ako hinalikan kagabi. Inaway niya rin ako kagabi. Sinaktan niya ang puso ko kanina. At hindi niya rin ako hinalikan. Kapag nag-compute ako sa harapan niya, paniguradong hindi niya naman babayaran. Kaya hahalikan ko na lang siya ng biglaan.*

Marahan kong hinawakan ang baywang niyang hindi ko namalayang mas lumiit pa. Mas naging sexy. Tsaka ko siya niyakap.

Ang sweet-sweet ko, grabe, haha—

"Kung iniisip mong makakahalik ka sa 'kin ngayon ay nagkakamali ka." Inunahan niya na ako.

"Babe naman? Aawayin mo na naman ba ako?"

"Oo, matigil lang 'yan sakit mo, aawayin kita!"

"Anong sakit na naman?"

"Iyang pahalik-halik mo, sakit mo na 'yan."

"Ayaw mo bang hinahalikan kita, Taguro?"

"Kapag galit ako, ayaw ko."

"Ano bang ginawa ko na naman? Nagseselos ka? Wala ka ngang dapat ikaselos. Ano bang gagawin ko para hindi ka na magselos?"

"Ewan ko."

"Tell me."

"Hindi ko nga alam!" asik niya. Ngumuso ako. Kumalas siya sa yakap ko. **"Nabubuwisit ako dahil wala akong magawa para huminto ang babaeng 'yon sa kadidikit sa 'yo. Hindi ko siya pwedeng saktan gaya ng ginagawa ko sa iba. Dahil ako ang lalabas na mali. Nasa ibang campus ako at nasa iisang campus kayo. Paano kung sa pagsasama ninyo ay**

mahulog sa kaniya ang loob mo? Gaya ng pagkakahulog ng loob mo sa 'kin no'ng mga oras na si Kim ang kasama mo?" dere-deretsong aniya.

Napamaang ako. **"That will never happen, babe. You know how much I love you."**

"Kalokohan," ngiwi niya. **"Maganda si Eerah Anitha. Sa bibig niya na rin mismo nanggaling na hindi ako maganda."**

"May mali sa mata niya!" asik ko. **"Tch. Wala siyang sinabing gano'n. Kung meron man, I don't care."**

"Hindi mo siya magugustohan?" maangas niya pa ring naitawid ang tanong na iyon.

"Hindi. Tch," angil ko. **"I don't like her! She's too old, babe! And she's married! Wala akong magugustuhan sa kaniya, kahit ipilit mo pa. Tch. Yak!"**

"Eh, bakit naninigaw ka?"

"Hindi mo kasi ako naiintindihan, babe,"mahinahon kong sinabi. **"Hindi ko nga siya gusto. At kung pwede ay tigilan mo na ang pamimilit? Nakikiusap ako sa 'yo. 'Wag mo akong awayin nang dahil sa babaeng 'yon. Stick to one ako, Taguro. At kahit na gusto kong mambabae, hahanap ako ng babaeng katulad mo! Ayaw ko na ng iba!"**

Hindi ko inaasahang matitigilan siya at ngingiti. Napatitig ako. *Tch, kikiligin din pala, humingi pa ng paliwanag. Taguro talaga, oh, tsk tsk tsk.*

"Talaga?" nakangiting tanong niya. Nakangisi akong tumango. **"Kahit na mas sexy pa siya sa 'kin?"**

"Hindi ko napapansin ang katawan niya pero..." Ngumiwi ako. **"Kahit na siya pa ang pinaka-sexy na babae sa buong Laguna, hindi siya magugustohan ng isang Deib Lohr Enrile. Ikaw lang ang itinitibok ng puso ko, Taguro. Bawat tibok, isang Taguro, hehe!"**

"Tss," singhal niya, ngumuso tsaka sumimangot. **"Ang sabi niya, ako nga raw na ganito lang ay nagustohan mo, ano pa raw kaya siya?"**

This is amazing. *Hindi ko akalaing isang Taguro ang kakabahan dahil sa isang malanding babae, nakakatuwa.*

"Ang sabi mo sa 'kin dati ay hindi mo ako magugustohan dahil hindi ako maganda," nakanguso pa ring aniya tsaka lalong sumimangot. **"Tapos..."**

"Sshh..." Lumapit ako at niyakap siya. **"I love you."**

"Hindi ko gusto ang babaeng 'yon."

"Hindi ko rin naman siya gusto."

"Ayaw ko siyang makitang nasa paligid mo."

"Ayaw ko rin. Pero ano ang gagawin ko kung siya ang lumalapit?" Napabuntong-hininga ako. **"We're classmates, babe. Kahit na anong pilit ko ay hindi siya lumalayo. Believe me, babe, I don't go anywhere near her."**

"Naniniwala naman ako sa 'yo. Naiinis lang ako dahil wala akong magawa para mawala siya nang tuluyan sa paningin mo."

"Babe, kahit nandiyan siya, ikaw lang ang gusto ko."

"Gusto lang?"

"Mahal ko!"

"Tss."

"Selosa ka na masiyado, ah?" natatawang tugon ko.

Sumimangot siya tsaka tinalikuran ako. **"Kapag hindi ka nagseselos, nangunguwestyon! Ngayong nagseselos ka. nanunumbat!"** parang batang singhal niya.

Mas natawa ako. **"Why are you so cute?"**

"Ewan ko sa 'yo, lubayan mo 'ko."

"'Sus, lalambingin na nga kita. 'Yon ang gusto mo, 'di ba?"

"Who told you?"

"Ako!" natatawa kong sagot. Pilit ko siyang iniharap sa 'kin. **"I missed you so much, babe."**

"'Yong halik ko ang na-miss mo at hindi ako."

"No. I miss everything about you."

"Tss."

"'Wag mo na akong awayin, babe, please?"

"Hindi naman kita inaaway. Ikaw nga ang umaway sa 'kin. Hindi ako halos nakatulog kagabi, kaiisip."

"Pareho tayo, babe."

"Sino namang inisip mo?"

"Ikaw! Sino pa ba?"

"Si—"

"Wala akong ibang iniisip kundi ikaw! Ikaw lang! Hindi ako makahinga kapag hindi kita inisip. Hehe!"

"Talaga lang, ah. Wow," mapaklang aniya.

Pinagkunutan ko siya. **"Hindi ka na naniniwala sa mga sinasabi ko, hindi mo na ako mahal."**

Tumawa siya. **"Pang-aasar na ba ang basehan ng pagmamahal ngayon?"**

"Tigilan mo 'ko sa mga ganyang banat mo, Taguro, hahalikan na kita."

"Eh, kung ayaw ko?"

"Eh, di sasapakin kita."

"Gagawin mo 'yon?"

"Oo, nang may pagmamahal!"

"Tss."

"Gusto na kitang halikan talaga, babe," nakanguso kong sabi, ang paningin ay nasa labi niya. **"Parang sinasabi ng mga labi mong...o*h, Deib Lohr, angkinin mo ako*."**

Sinamaan niya lalo ako ng tingin. **"You wish!"**

"Seryoso, babe. May pagkakataon ba na hiniling ng isang hambog na sana ay halikan siya ng isang Deib Lohr Enrile?"

Natigilan siya at nag-isip. Gusto kong mainsulto. Sa pagkakakunot ng kaiyang noo ay para bang gano'n iyon kahirap sagutin.

Bumuntong-hininga siya tsaka tumingin sa 'kin. **"Hindi naman."**

Nanlumo ako. *Badtrip. Kung gano'n ay hindi kami pareho?* Ngumuso ako. **"Dahil manhid ka,"** bulong ko.

Napamaang siya. **"Gano'n ba 'yon?"**

"Oo naman, yes, babe, gano'n 'yon," pang-uuto ko, kumagat naman siya. **"Sayang! Akala ko pa naman ay may hiling ang isang hambog na kayang tuparin ng gwapong Deib Lohr."**

"Baklang Deib Lohr."

"Hindi ako bakla, babe."

"Bading na Deib Lohr."

"Hindi rin ako bading."

"Manyak na Deib Lohr."

"Badtrip ka, ah!"

Natawa siya. **"Biro lang!"**

"Hindi ako manyak, ah! Humihingi lang ng kiss, manyak na?"

"Oo naman, yes, babe," panggagaya niya sa 'kin, natawa ako. Masagwa iyong pakinggan sa kaniya dahil sa malaki niyang boses.

Hinalikan ko siya sa pisngi. **"'Wag mo na akong aawayin nang dahil sa babae, ha?"**

"Pag-iisipan ko, babe."

"Utos 'yon, Taguro, hindi pakiusap. Kailangan mong sundin nang hindi pinag-iisipan."

"Tss. Basta 'wag mo akong iiwan para sa ibang tao. Kahit na kaya ko ang sarili ko. Pakiramdam ko ay pinabayaan mo ko."

Natigilan ako. *Iyon na ang pinakaemosyonal niyang sinabi sa araw na ito, Deib Lohr!*

Niyakap ko siya nang mahigpit. Sapat na espasyo lang ang naiwan sa pagitan ng mga mukha namin. Tiningnan ko nang mataman ang mga mata niya, nagsusumigaw ang lungkot mula ro'n. Nasasaktan ako sa bagay na iyon pero wala akong magawa.

Kung pwede lang mapawi ng halik ko ang lahat. Pero hindi ko nasisiguro kung meron iyong gano'ng kapangyarihan.

Napabuntong-hininga ako saka dinampian ng halik ang labi niya. **"Sorry, kung iyon ang naramdaman mo dahil sa ginawa ko. Hindi ko sinasadya, Taguro."**

"Ngayon, nag-aral ka ng martial arts nang hindi ko nalalaman. Kahit na alam mong natatakot akong lumakas ka dahil baka maging dahilan iyon para iwan mo ko."

"No, babe. Don't think like that."

Nagkamot siya ng ulo. **"Kusang pumapasok sa isip ko. Kahit na pigilan ko, iyon talaga, eh,"** pagpapakatotoo niya. **"Ayaw kong mawala sa 'kin 'yong lalaking pagtatawanan ang lahat ng kahinaan ko. Pero tutulungan akong bumangon para sabihing mahal niya pa rin ako."**

Hindi ko na nagawang sagutin pa ang sinabi niya. Dahil ang sarili ko man ay hindi ko na rin nagawang pigilan. Wala akong mahanap na akmang sagot dahil masyadong maganda sa pandinig at masarap sa pakiramdam ang mga sinabi niya. Pakiramdam ko ay kaya niyong burahin ang lahat ng hinanakit ko sa kaniya kahapon hanggang kagabi.

Batid kong mabilis na lumalim ang paghalik ko sa kaniya dahil bukod sa masasarap na sinabi niya ay nasasabik akong halikan siya. Ito ang bagay na hinding-hindi ko pagsasawaang gawin sa kaniya. Kayang kong tumagal ng isang buong araw na hinahalikan siya kahit na hindi ako kumain o magsalita. Gusto ko lang ang hinahalikan siya.

Yumakap siya sa 'kin at mas ikinatuwa iyon ng puso ko. Sa pamamagitan ng yakap niya, pakiramdam ko ay ayaw niyang malayo ako. Siniil ko ng halik ang pang-ibabang labi niya at agad niya namang ginantihan iyon.

"Hindi kita bibigyan ng dahilan para iwan ako, Taguro," bulong ko sa gitna ng mga halik.

Ngumiti siya at muling hinalikan ang labi ko. **"Bibigyan kita ng dahilan kung bakit hindi kita iiwan, Sensui,"** tugon niya, at doon ko na naman hindi napigilan ang sarili ko.

Halos maumpog siya sa pagkakasandal nang sunggaban ko ang labi niya. Napakadilim ng paningin ko ngunit kinukulayan niya. Hindi alam ng babaeng ito kung ano ang nagagawa niya sa 'kin. Ang masasakit niyang salita ay pinapatay ako at ang masasarap niyang salita ay binubuhay ang lahat sa akin. Ayaw kong malamangan niya ang pagmamahal ko, gusto kong higitan ang anumang nararamdaman niya. Upang mapatunayan na siya lang ang mahal ko at wala nang iba.

Hindi ko magawang ilayo ang labi ko sa kaniya ngayon, hindi gaya noong mga nakaraan. Ngayon ako pa mismo ang nagpapalalim sa halik ko, na animong may hinahanap sa bibig niya.

Binuhat ko siya at wala sa sariling iniupo sa malaking bahaging iyon ng cabinet. Ang mga kamay ko ay kusang kumilos upang hawiin mga nakasampay na damit. Hinawakan niya ang magkabilang pisngi ko habang ang mga kamay ko'y nasa pisngi at batok niya. Marahan kong kinagat ang labi niya at napangiti ako nang bahagya siyang matawa.

Dahan-dahang bumaba ang mga kamay niya mula sa pisngi ko papunta sa dibdib. Hanggang sa marating niyon ang baywang ko. Nag-iwan ng kung anumang kuryente ang mga daliring iyon sa balat ko. Nangibabaw ang bago ngunit pamilyar na pakiramdam sa kalooban ko. Ngunit hindi ko kayang pigilan ang sarili kong halikan si Taguro. Halos kumunot ang noo ko habang sinisiil ang labi ang niya. At hindi ko namamalayang pinanggigigilan ko na pala siya.

Nawala sa pwesto ang labi ko at namalayan ko na lang ay pisngi niya na ang hinahalikan ko. Naglakbay ang parehong kamay ko papunta sa magkabilang balikat niya habang ang isa ay bumabalik sa batok niya. Hinapit ko ang batok niya dahilan upang mapatingala siya at magkaroon ako ng tyansang halikan siya sa leeg.

Nawawala ako sa sarili ko, Taguro.

Alam ko ang ginagawa ko pero lumalabo ang pag-iisip ko. May kung anong nagsasabi sa 'kin na tumigil ako. Ngunit may mapusok na parte sa katauhan kong nagsasabi sa 'king magpatuloy—at ang pakiramdam na iyon ang nangingibabaw.

Mababaliw ako sa 'yo.

Dinadampian ko ng halik ang kung anumang parte ng leeg niyang madikitan ng labi ko. Ultimong ang sunod-sunod na paglunok niya ay nararamdaman ko. Lalo kong hinapit ang batok niya papalapit sa labi ko at parang bampirang kinasabikan ko ang leeg niya.

"Sensui..." ungol niya. Dahilan upang matigil ako sa ginagawa.

May kung anong kuryenteng idinulot ang ungol na iyon sa 'kin. Nangilabot ang buong katawan ko. Sabay na nabuhay at nanghina ang katawan ko sa hindi maipaliwanag na dahilan.

Halos nakadikit pa rin ang labi ko sa leeg niya.

Doon ko lang naramdaman ang higpit ng pagkakakapit niya sa braso ko. Ang maliit na kuko niya ay halos bumaon sa balat ko.

Anong ginagawa ko?

Marahan akong lumayo, hindi magawang tumingin sa mga mata niya. **"I need to go home,"** napapahiyang sabi ko. Nang hindi siya magsalita ay saka ko siya tiningnan.

Titig na titig siya sa 'kin. Bahagyang nakakunot ang noo at nakahawak pa rin ang mga kamay sa braso ko. Nabawasan ang higpit ngunit ramdam ko ang lakas ng tibok ng pulso niya sa balat ko.

"Anong ibig sabihin no'n, Sensui?" nauutal na tanong niya. Doon lalong nangibabaw ang hiya ko. Hindi ko alam kung ano ang isasagot ko.

Damn it!

Sasagot na sana ako nang tumunog ang cellphone ko. **"Yes, *noona*?"** sagot ko, ang paningin ay na kay Taguro pa rin.

"Where are you?"

"I'm with Maxpein," tugon ko, pilit na inaalis ang pagkatuliro. **"Why?"**

"Come home, Chairman wants to see us."

"Tch. Is it necessary for me to come?" inis na tanong ko.

"Lee and Tob's parents are here, they're both here also. Come home now."

"Tsk," napabuntong-hininga ako. **"I'll be on my way."**

"Bring Maxpein with you."

"She's busy. Bye." Napapabuntong-hininga kong tiningnan si Taguro. **"I need to go home now. They're waiting for me."**

Gusto kong kabahan nang hindi siya magsalita. Ang mga titig niya sa 'kin ay puno ng tanong.

"Babe..." Hinawakan ko ang kamay niya.

Nagbaba siya ng tingin at tumitig sa mga daliri niyang naglalaro sa isa't isa. Hinawakan ko ang baba niya upang iangat 'yon ngunit umiwas siya. Kinabahan ako sa takot na nakita ko sa mga mata niya. Napamaang ako at napatitig sa kaniya.

"Hindi mo pa ginawa sa 'kin 'yon noon," sa wakas ay nagsalita siya. Napalunok ako. Hindi sunod-sunod, pero iyong dinig na dinig ko. Animong katabi ng tainga ko iyong lalamunan ko.

"Sorry, babe," utal kong sagot.

"Pwede mo bang sabihin sa 'kin kung bakit mo ginawa 'yon?"

"Nadala lang ako, babe," napapahiyang tugon ko.

"Pwede mo bang sabihin sa 'kin kung anong naramdaman mo?"

Natitigilan akong napamaang. *No way!* **"Wala,"** pagsisinungaling ko.

Kunot-noo siyang bumuntong-hininga saka tumango. Tumitig na naman siya sa 'kin sa paraang pinapasok ang kaluluwa ko at inaalam kung nagsasabi ako ng totoo.

"'Wag mo nang uulitin 'yon." Tinabig niya ako upang magkaroon siya ng daan.

"I'm sorry, babe," sinsero, kabado kong habol.

"Ayos lang, ginusto ko rin 'yon," aniyanang hindi tumitingin sa 'kin. Pilit na ang ngiti niya nang mag-angat ng tingin. **"Pero 'wag na sana tayong lumampas doon."** tinalikuran niya ako at iniwan sa kwarto.

OceanofPDF.com

HE'S INTO HER SERIES ON NETFLIX

Hello, JIJIES!

You can now watch **HE'S INTO HER SERIES WORLDWIDE** for **FREE** on **iWANTTFC app**, and on **NETFLIX** this Novemeber 2021, starring **Belle Mariano** as Maxpein del Valle and **Donny Pangilinan** as Deib Lohr Enrile.

You may follow me on the following social media platforms:

Website: **www.maxinejiji.com**

Facebook: **www.facebook.com/maxinejijistories**

Facebook: **www.facebook.com/hesintoher**

Twitter: **www.twitter.com/maxinejiji**

Instagram: **www.instagram.com/maxinejiji**

Lyka: **maxinejiji**

Tiktok: **maxinelat**

Youtube: **www.youtube.com/maxinejiji**

You may also read my other stories for free here: **www.wattpad.com/maxinelat**

Thank you and stay safe!

- MAXINEJIJI <3

DISCLAIMER : This is a work of fiction. Names, characters, businesses, places, events and incidents are either the products of the author's imagination or used in a fictitious manner. Any resemblance to actual persons, living or dead, or actual events is purely coincidental.

© HESINTOHER.All Rights Reserved. Maxinejiji. 2013.

OceanofPDF.com

CHAPTER 180

MAX'S POV

"Ilabas mo 'yong sasakyan," utos ko sa driver nang makalabas ng mansyon. **"Ihatid mo 'ko sa apartment."**

"Yes, Ma'am Maxpein."

Agad itong kumilos upang pangunahan ako, dumeretso ako sa sasakyan matapos niya akong pagbuksan. Hindi pa man ito tuluyang nakakaalis ay nahagip na ng paningin ko si Sensui. Napabuntong-hininga ako dahil halatang hinahanap niya ako. Sinulyapan ko lang siya at pinagmasdan. Tinted ang salamin ng sasakyan kaya naman hindi niya ako makikita.

"Tara na," anyaya ko. Tumango ang driver at agad na pinaandar ang sasakyan.

Hindi ko malaman ang mararamdaman ko, hindi naman ako nabastos pero kinakabahan ako.

Hindi ko alam kung natural bang maramdaman iyon o ano.

Napabuntong-hininga muli ako. Aminado akong may parte sa kalooban kong hindi natuwa sa ginawa ni Sensui. Kakaiba ang haplos niya at masyadong malalim ang kaniyang halik, bagay na hindi ko pa nararamdaman kahit kanino man. Nagtatalo ang puso't isip ko, alam kong hindi tama ang bagay na 'yon.

Pakiramdam ko ay nasa balat ko pa rin ang labi at haplos niya.

Napapikit ako dahil hindi ko gusto ang isiping 'yon, pakiramdam ko ay nasasaktan ako at gusto kong maghinanakit. Hindi ko talaga maipaliwanag ang kakaibang pakiramdam na ito.

Ilang saglit pa ay nag-ring ang aking cell phone, kinuha ko agad 'yon at tiningnan.

One Message Received

From: Sensui

Ipinahatid ko na ang motor mo kanina sa bahay ninyo. Mahal na mahal kita, babe. Kahit anong mangyari ay mahal na mahal kita. Mahal na mahal talaga kita. Ingat.

07:00pm

Hindi na ako sumagot pa. Ibinulsa ko ang cellphone 'tsaka sumandal nang todo sa upuan, inihilig ang batok ko at pumikit. Ngunit agad na nanuot sa isipan at pakiramdam ko ang paraan nang paghalik ni Sensui. Kunot-noo kong pinanood sa isip ang eksenang 'yon.

Wala pa tayo sa tamang edad para ro'n, Sensui. Naniniwala ako sa tamang edad at hindi sa legal na edad. Sana ay maintindihan mo.

Hindi ko namalayan ang pagpatak ng minuto, pakiramdam ko ay naging napakatagal ng byaheng iyon kaya nakaidlip ako.

"Ma'am Maxpein, nandito na po tayo," tinig ng driver.

Nakabukas na ang pinto sa tabi ko kaya naman hinihintay na lang nitong umibis ako. Muli akong pumikit saka marahang nagmulat. Kamalas-malasan namang tumama iyon sa ilaw ng poste kaya agad na kumirot ang sentido ko.

"Salamat," tugon ko at agad na bumaba. **"Ikaw na lang ang magsabi sa kanila kung anong oras akong umuwi."**

"Yes, Ma'am Maxpein."

"Mag-iingat ka pauwi."

"Salamat po nang marami, Ma'am Maxpein," bigay na bigay pang aniya 'tsaka tumango nang todo sa 'kin.

Naabutan ko sina Yaz at Naih sa sala. Agad akong naupo sa sofa, inihilig muli ang batok at pumikit. Hindi ko man sila tingnan ay batid kong nasa aking ang paningin ng magkapatid.

"Kumain ka na ba?" tanong ni Yaz, umiling naman ako. **"Nagluto ako nang paborito mo,"** tiningnan ko lang siya. **"Chicken with pineapple!"**

"Busog pa ako."

"Huh? But you're not yet eating dinner 'ka mo?"

"Wala ako sa mood kumain."

"Bakit naman?" nag-aalalang tanong niya pero nagkibit-balikat lang ako.

"Mm! Tumatanggi sa pagkain, depressed 'yan! Ano ang nangyari?" sabat ni Naih. Pinagkunutan ko siya. **"LQ?"**

"Masyado kang maingay."

"Mm! Masungit, may nakapagpainit sa ulo niyan!"

"Tss."

"Pero sa dalawang paraan umiinit ang ulo ng tao! Una," maaksyong ani Naih. Bagaman hindi siya sa 'kin nakaharap ay sinamaan ko siya ng tingin. **"Walang kinain!"** Itinuro pa niya ang tiyan ng kapatid. **"Ikalawa!**

Hindi mailabas ang kinain!" Itinuro niya ang puwetan ng kapatid 'tsaka humarap sa 'kin. **"Alin ka sa dalawa, Maxpein? Gutom o hindi makatae?"**

"Ang korni mo," nakangiwing tugon ko.

Ngumuso siya. **"Nag-iba ang ihip ng hangin, ah? Lacoste na siguro ang katas ng mga ubas ngayon, ate,"** parinig ni Naih. Ngumiwi lang ako at lalong nagkunot ng noo. **"Bakit ba naman kasi walang puno dito sa village na 'to? Dapat dito ay ginigiba at tinataniman nang maraming puno para hindi mainitin ang ulo ng mga tao."**

"Shut up, Zarnaih," ani Yaz.

"Bakit nga ba ikaw ang kausap ko, ate? Buong buhay ko ay nagsasawa na ako sa mukha mo, maganda ka man o hindi. Bihis ka man o nakapambahay—ang pangit-pangit mo!"

"I said, shut up! Your tone's irritating my ears!"

"Punyeta! Nakailang tisyu na nga ako kai-English ni Lee kanina no'ng mag-date kami, hanggang dito ba naman, English pa rin? Stop me! All of you!"

"Tsk," angil ko, pareho silang natahimik. **"Wala ako sa mood."**

"Alam ko! Kahit nga yata 'yong guard ng convenience store sa kanto ay malalamang wala ka sa mood dahil sa kakaibang aura mo! Psh!" asik ni Naih. Napasiring ako. Napakaingay na naman niya. Talagang nakaririndi ang tining ng kaniyang boses. **"May nangyari bang hindi maganda?"**

Meron... maganda na hindi. Tss.

Nalungkot ako. Kung ang iba ay maaaring magustuhan ang nangyari kanina, ako ay hindi. Gustong-gusto kong makasama si Sensui dahil hindi siya mawala sa isip ko. Pero pakiramdam ko ngayon ay nahihiya akong harapin siya. Lalo na ang kausapin siya. Para bang kapag nakasama ko siya uli ay mauulit lang 'yong nangyari kanina. Naroon pa rin iyong pakiramdam nang halik at haplos niya ngunit hindi na 'yon sintindi nang kanina.

Sa sobrang kaadikan niya sa halik, hindi malabong maulit 'yon, at ayaw kong mangyari 'yon. Hindi magandang tingnan at hindi maganda sa pakiramdam. Pwede niya naman akong halikan nang normal na lang bakit kailangang... tsk.

Muli akong napabuntong-hininga at talaga namang nanakit ang ulo ko kaiisip.

Gusto kong hawakan ang kamay mo at 'wag 'yong bitiwan. Gusto kong titigan ang mga mata mo nang malapitan kahit na maubos ang oras ko. Pakiramdam ko ay mukha mo lang ang nakapagpapawala ng pagod ko. At ang boses mo ay parang musika sa pandinig ko. Gustong-gusto pa naman kitang makasama, makausap, mahawakan, lahat, Sensui. Gusto ko lahat...maliban sa isang 'yon. Hindi pa ako handa para ro'n.

Matapos no'ng naging pagtatalo namin nang nakaraang gabi ay matinding pangongonsensiya ang naganap sa isip ko. Gusto ko siyang i-text, tawagan o puntahan pero nangibabaw ang pride ko. Magdamag akong tulala at nakatulugan ko ang pag-iisip sa kaniya. Kaya naman gano'n na lang ang tuwa ko kanina nang makita ko siya. Mukha na naman siyang tanga at wala pa mang sinasabi ay parang nagso-sorry na.

Ang cute-cute niya. Tss.

Nawala ang kaninang lakas ko. Parang pagod na pagod na naman ako, nanghihina, kaya kahit na ang kumain ay hindi ko magustuhan.

Tumayo ako at iiwan na sana sila nang mapansin ang ngiwi sa kanilang mukha.

"What?" singhal ko.

Bumuntong-hininga si Naih. **"Ayos ka lang ba?"**

"Bakit?"

"Daig mo pa ang sabog."

"Bakit?"

"Nag-away ba kayo ni Sensui?"

"Ba—"

"King ina, isang bakit mo pa, sisilaban ko 'yong motor mo!"

Bumuntong-hininga lang ako. **"Aakyat na ako, gusto ko nang maligo."**

"Woooh! 'Yong mga pa-ganiyan ganiyan mo, Maxpein, alam ko na 'yan!"

"Alam mo na pala, eh, 'wag ka nang magtanong."

"Ang taray! Artistahin?"

"Aakyat na ako."

"Hindi mo man lang ba titingnan si Rabbit?" patungkol ni Naih sa motor ko, nilingon ko siya. **"Ginto na 'yong mga gulong mo, hehe."**

"Bukas na lang."

"Ipinaayos ni Sensui 'yon, 'oy," nangongonsensyang aniya. Hindi ako tumugon. **"Nag-away kayo, 'no?"**

"Hindi."

"Bakit ganiyan ka?"

"Naih, gusto ko nang maligo."

"Maliligo lang, galit pa?"

"Masyado ka kasing maingay."

"Dati na akong maingay, Maxpein! Nagmamataray ka lang talaga ngayon, wala ka namang regla!"

"'Wag ka nang makulit," asik ko.Tinaasan niya ako ng kilay. **"Wala talaga ako sa mood makipagbiruan ngayon. Bukas na lang."**

"Taray, may schedule ang pagdyo-joke," dinig kong bulong niya.

Hindi na ako lumingon pa, dumeretso na agad ako sa kwarto. Matagal akong nag-isip sa banyo. Pilit kong binubura ng sabon ang pakiramdam na iniwan ni Sensui sa balat ko. Pero ayaw mawala kahit anong kuskos ko. Kakaiba 'yon at hindi kilala ng balat ko kaya naman ganito na lang ang epekto sa 'kin. Sa loob-loob ko ay hinihiling kong sana ay hindi na maulit iyon.

Kung anuman ang naging dahilan niya para gawin iyon sana ay hindi na uli mahantong sa gano'n...

Panay ang buntong-hininga ko. Napakabagal ko ring kumilos. Para bang tamad na tamad ako sa kung anumang ginagawa ko ngayon. Parang may kulang sa 'kin o kung anong pumipigil sa kagustuhan kong kumilos. Pilit kong pinalis ang lahat ng isipin, tinuyo ko lang ang aking buhok matapos niyon ay nahiga na ako.

Gaya kagabi ay hinayaan ko lang na maglayag ang isip ko, bagaman nakaligo na ako ay naroon pa rin ang kakaibang init sa pakiramdam na idinulot ni Sensui. Paniguradong hindi na naman iyon mawawala sa isip ko at tulad nang inaasahan ay nakatulugan ko nga ang pag-iisip sa kaniya.

Kinabukasan ay maaga akong nagising. Pakiramdam ko na naman ay hindi ako nakatulog. Mahapdi ang mga mata ko at para na naman akong nakalutang. Uminom ako ng tubig at tumalon-talon upang hindi makapag-isip. Gusto ko nang mapayapang umaga.

"Good morning, Maxpein!" bungad ni Yaz nang makababa ako. **"Ang aga mo naman yatang nagbihis ngayon?"**

"Maaga rin ang pasok, eh," pilit na biro ko, umismid naman siya.

Nang makitang hindi pa handa ang agahan ay pinuntahan ko si Rabbit. Gaya nang sinabi ni Naih ay ginto na nga ang mga gulong nito. Mas bumagay kompara sa nauna niyong kulay. Mas nagmukha itong bago at mas naging mamahaling tingnan.

Kakaiba talaga ang lalaking 'yon. Sa lahat ng bagay ay nagagawa niyang iparamdam sa 'kin ang kaniyang pagmamahal. Ang simple ay nagagawa niyang espesyal.

Nakangiti akong umiling bago hinugot ang cellphone sa aking bulsa.

Wala siyang text...

Nakapagtataka lang na hindi siya nag-text sa umagang 'to. Ang huling text niya ay iyon pang t-in-ext niya sa 'kin tungkol sa motor kahapon. Hindi ko maiwasan ang mag-alala ngunit ayaw kong mag-isip nang kakaiba lalo at maaga pa. Inisip ko na lang na baka tulog pa siya.

Tanghali pa naman ang klase niya, baka nga tulog pa.

Nang makababa ay nagulat si Naih nang makitang bihis na ako at handa nang pumasok. Sabay-sabay kaming nag-agahan, syempre, hindi nawala ang kwentuhan ng magkapatid. Hindi ko magawang sumabay sa tawanan nila dahil okupado ang isip ko.

Wala pa rin siyang text...

Hindi ko maiwasang mapabuntong-hininga ngunit mas pinili kong magmaneho nalang patungo sa school. Maagang dumating ang lecturer kaya naman hindi ko na nagawang makapag-cellphone pa.

Sunod-sunod na naman ang quiz at recitation sa pang-umagang klase. Ang masama pa ro'n ay may kahalong biglaang reporting iyon at essay. Naging abala kaming pare-pareho sapagkat on the spot iyon na ibinigay ang topics. Kaya naman tanghalian na nang makapag-usap kaming magkakaibigan.

"Grabe, napakainit ngayon!" ani Migz habang pababa kami sa building. **"Kumustahin mo naman ang reporting ko? Hindi ba masagwa ang pananalita ko?"** Medyo paos siya ngayon dahil may party raw siyang in-attend-an kagabi. **"Maayos ko naman bang nairaos ang pagre-report ko, 'te?"**

"Ayos naman, paos ka lang talaga," tugon ni BJ. **"Ako ba, 'te, ayos lang?"** Tumango ang lahat sa kaniya. **"Grabe 'yong pagre-report ni Lovemir, ano? Ang lahat ay shocked dahil ang lolo mo, prepared!"** nakangiwing pabiro niya.

Bigay na bigay sa pagre-report si Lovemir. Kung magsalita siya ay para bang isang linggo niyang pinaghandaan ang tinalakay niyang topic. Halos lahat ng tanong ay nasagot niya. Mataas tuloy ang markang ibinigay sa kaniya.

"Nakakaloka nga 'yon," sabat ni Naih. **"85 lang ang score namin ni Max, tapos siya ay 98? Grabe!"**

"Siya lang ang naka-90+ sa 'tin, 'te!"nanlalaki ang mga matang ani BJ. **"Tapos sa kaniya pa 'yong pinakamahirap at pinakamahabang topic. Tsk tsk tsk, iba na ang matalino. Paano maging Limaco?"**

Sabay-sabay kaming natigilan nang makasalubong namin si Lovemir. Papalabas ito ng canteen habang kami naman ay papasok. Natigilan din siya at bahagyang kumunot ang noo nang makitang nakatingin kami. Bumuntong-hininga pa siya bago tumingin sa 'kin.

"What?" malumanay ngunit parang nauubusan ng pasensyang tanong niya. Umiling ang mga bakla sa kaniya. **"Excuse me."**

"Congrats nga pala kanina, Lovemir," pahabol ni Michiko.

"Part of studying," walang emosyong tugon nito. **"Thanks."** 'Tsaka tuluyang lumabas.

Nagkatinginan ang lahat saka sila sabay-sabay na tumingin sa 'kin. **"Ano?"** tanong ko. Sabay-sabay naman silang ngumiwi saka natawa.

"Grabe, uso na ang weird! Trending na siya!" ani Naih, nagtawanan naman sila.

Dumeretso ako sa table namin. Agad kong tiningnan ang cellphone ko upang magulat lang dahil wala pa ring text si Sensui.

Hindi niya pa ako binabati ng good morning. Tss. Hindi ako sanay. Ang pagbati niya ang dahilan ng pagngiti ko sa umaga.

"Bakit parang wala sa mood ang lola niyo?" dinig kong bulong ni Migz. Hindi man ako tumingin ay batid kong ako ang tinutukoy niya. **"Akala ko nga pati sa reporting ay speechless siya, *charot.*"**

"Wala na siya sa mood kagabi pa," mahinang tugon ni Naih. **"Saka hindi mo kailangang bumulong dahil isang tingin mo lang sa kaniya ay alam niya nang mag-uusisa ka. Psh."**

"Kaloka. 'Uy, 'te, ano'ng nangyari sa 'yo? Okay ka lang ba?" baling sa 'kin ni Migz. Pilit na ngiti ang itinugon ko. **"Hindi ka naman bitter sa score ng katabi mong si Lovemir? Hehe."**

Hindi ako ginanahang sagutin siya. Nanahimik ako buong break time. Nakinig ako sa kanilang mga usapan pero hindi sumasabat.

Mabilis na nagsimula ang klase sa hapon. Mabilis ding dumaan ang oras. Bumagal lang iyon nang dumating ang oras ni Chupan. Paulit-ulit na naman ang pang-aasar niya sa 'min ni Naih. Lalo lang tuloy akong nanahimik at nawala sa mood.

"Get one whole sheet of pad paper!" anunsyo ni Chupan matapos ang matinding discussion. Umungot na naman ang lahat sa gulat. **"One hundred items ito at ang bumagsak ay ida-drop ko na agad!"** Walang nagawa ang lahat kundi ang tumalima.

Agad na nagsimula ang napakahabang oras ng History subject. Nakakabagot pero wala kaming magawa kundi ang pakinggan ang napakatining na boses ni Chupan habang idinidikta ang mga tanong. Napakarami kong hindi masagutan. Pakiramdam ko ay wala akong nalalaman sa subject na 'to. Hindi ko maiwasan ang mapakamot sa ulo sa t'wing may itatanong siyang malayo sa mga nalalaman at nabasa ko.

"Ano na, del Valle? Tumutubo na yata ang mga kamote diyan sa ulo mo? Hindi ko matandaang nangulelat ka maski isang beses sa nakaraang klase ko?"

Napangiwi ako nang mahuli ni Chupan ang pagkakamot ko ng ulo. Syempre pa, hindi na ako sumagot dahil magkakainsultuhan lang kami rito.

"Number 89!" Muli siyang naglakad papunta sa harapan.

Maski isang araw ba ay hindi man lang mamamaos ang isang 'to? Tsk!

Pakiramdam ko ay wala ako sa mood, maya't mayang pumapasok sa isip ko si Sensui. Iniisip ko kung ano ang ginagawa niya? Gaano ba siya kaabala para hindi niya man lang makuhang mag-text sa 'kin maski isa? Nakakalungkot isipin pero ayaw ko siyang maabala, nami-miss ko siya. Pero sa t'wing maiisip kong magkakasama kami ay hindi ko rin maiwasan ang kabahan. Ang bagay na nangyari sa pagitan namin kahapon ay hindi na kailanman mawawala sa aking sistema.

Nang sa wakas ay matapos ang quiz ni Chupan, gaya nang nakasanayan na ay 'tsaka niya pa lamang i-d-in-iscuss ang mga nilalaman niyon. Marami ang nainis, syempre, gaya kasi ng dati ay tatawa tawa pa siya sa t'wing may estudyanteng magrereklamong mali ang naisagot nila. Nakakababa siya nang kompyansa at nakaka-frustrate at nakaka-depress pa.

Nagkakatinginan kami ni Naih at sabay na napapangiwi at napapailing sa t'wing may mga nalalaman kaming taliwas sa naisagot.

"Oh! Agripa! Pumarine ka sa harapan at sabihin mo ang napag-usapan natin kanina!" anunsiyo ni Chupan. Natigilan naman ang lahat at sabay-sabay na napalingon sa papatayo pa lang na si Migz. **"Grabe, parang lalo kang lumalaki!"** pang-iinsulto niya pa. Nang talikuran siya ng bakla upang harapin kami ay 'tsaka niya pinaikot ang mga mata. **"Proceed!"**

"Good afternoon, classmates," panimula ni Migz. **"Bukas ay may tour tayo sa Alberto House sa Biñan, Laguna. A house that belonged to the family of Doña Teodora Alonzo, mother of our national hero, Dr. Jose P. Rizal."** Nilingon pa ni Migz si Chupan na kumumpas lang. **"Ang isusuot natin, gaya nang napag-usapan namin ni sir ay iyong P.E. uniform natin. Para naman kahit kumilos nang magaslaw 'yong iba ay ayos lang. Bawal magkalat sa venue, 'yan ang pinakabawal sa lugar na 'yon. Bawal din ang makialam sa mga gamit. Iyong tour guide lang ang pwedeng humawak sa mga iyon at sila na ang bahala kung ipapahawak nila sa atin. Pwede kayong magdala ng foods. Pero sa bus ninyo lang pwedeng kainin. Iyon lang, classmates. Thank you, sir,"** dagdag niya at saka muling naupo.

"Oh, naintindihan ninyo ba iyon?" ani Chupan, lalamya-lamya namang sumagot ang lahat. **"Wala kayong klase sa lahat ng subjects bukas dahil nakalaan kayong lahat sa tour natin. Maaga tayong mag-uuwian dahil limitado ang oras na nakuha ko sa venue Ang mahalaga ay makita ninyo iyon para hindi kayo lumaking ignorante. Aba, bibihira ang mga taong nakakabalik sa nakaraan kaya huwag na kayong lalantoy-lantoy sa klase ko."**

"That's interesting," dinig kong ani Lovemir. Nilingon ko ito at nagulat ako nang makitang nakatingin na siya sa 'kin. **"History is interesting."** Nakipagtitigan lang ako sa kaniya at hindi na nagsalita. **"I'll see you tomorrow,"** aniya 'tsaka muling tumingin sa harapan.

Nang dahil sa kaniyang kawirduhan ay hindi ko na nagawa pang pakinggan ang ilang mga sinabi ni Sir Ciufan bago ito tuluyang umalis nang kwarto. Nilingon ko pang muli si Lovemir nang matapos ang klase at nauna siya sa lahat na lumabas.

"Bongga, mag-grocery tayo ng mga pagkain na dadalhin natin bukas!" ani BJ dahilan upang matinag ako. **"Excited na ako sa tour! Except sa katotohanang kasama natin ang badjulang si Chupan! Pwe!"**

"Max, sumama tayo sa kanila, mamili rin tayo ng baon natin bukas!" ani Naih, tumango na lang ako sa kaniya.

Wala akong inatupag kundi ang cellphone hanggang sa makarating kami sa locker, umaasang may text na si Sensui. Pero nabigo ako.

Dumaan ang maghapon, wala man lang siyang text?

Lalo akong nalungkot at nag-alala. Hindi ako nasanay sa ganoong ugali niya. May kakaibang kaba na idinulot sa sistema ko ang pananahimik niya.

Kaya naman hindi ko na natiis ang mag-text sa kaniya.

Compose Message

To: Sensui

Good afternoon, babe, tapos na ang klase ko. Nakakapagod pero ayos lang, marami akong natutunan sa araw na 'to. Kumusta ang klase mo?

Message Sent!

Lalo pa akong kinabahan matapos i-send ang text message. Hindi 'yon 'yong kaba na may masamang nangyari. Iyong uri 'yon ng kabang alam mong may mali sa inyong dalawa.

Nagawa ko nang magpalit ng gamit, 'tsaka ko pa lang muling tingnan ang cellphone ko. Pero nanlumo ako nang makitang wala siyang sagot. Kunot-noo akong napaisip bago mahagip ng paningin ko si Naih, na nakangisi habang nakatingin sa kaniyang cellphone.

"Woi," tawag-pansin ko, nakangisi naman niya akong tiningnan. **"I-text mo nga ako?"**

"Huh?"

"I-text mo nga ako?"

"Bakit?"

"Gawin mo na lang."

"OMG! Stop me! Magkaharap na tayo't lahat, ite-text pa kita? Super duper friends?"

Tsk. **"Hindi ba pwedeng gawin mo na lang?"** asik ko.

"Galit agad? Masama ang loob? My goodness!" nanlalaki ang mga matang asik niya bago tumalima. Nag-make face pa siya habang pumipindot sa kaniyang cellphone. **"Oh, 'ayan na!"**

Nangunot ang noo ko nang makitang natanggap ko agad ang text niya. Inutusan ko siyang mag-text sa 'kin dahil naisip kong baka nagloloko lang ang cellphone ko at hindi nakakatanggap ng texts. Umasa pa naman akong sana nga ay nagloloko na lang ang cellphone ko. Kaysa sa katotohanang hindi talaga nagte-text si Sensui.

Ano ba ang nangyari? Busy lang kaya siya?

Dahil hindi ko matiis ang kaba, nagdesisyon akong puntahan siya. Nagpaalam ako sa mga kaibigan ko at pumunta sa tertiary mag-isa. Iyon nga lang, nanlumo ako nang maalalang hindi ko alam kung aling classroom ang gamit nila.

Dito ko siya nakita noon, eh, alin ba dito ang room niya ngayon?

Marahan akong naglakad at nilampasan ang bawat kwarto. Okupado ang mga estudyante sa pakikinig at ang mga propesor ay sa pagtuturo, wala man lang lumingon sa 'kin. Naglakad lang ako nang naglakad hanggang sa marating ko ang dulong bahagi ng pasilyo. Natigil lang ako nang makita ko ang dalawang pamilyar na tindig.

Sensui...

Pakiramdam ko ay kinilabutan ang kabuuan ko, at namuo ang aking mga luha, sa hindi maipaliwanag na dahilan. Samantalang ang tanawing iyon ay simple lang. Magkaharap si Eerah Anitha at Sensui, kaswal lang at parang may pinag-uusapan. Ipinilig ko ang aking ulo at pinawi ang mga namuong luha. Saka marahang umabante papalapit sa kanila. At bagaman wala sa intensyon ko ay gusto kong mapakinggan ang anomang pinag-uusapan nila. Batid kong hindi nila ako nakikita dahil hindi sila nakaharap sa gawi ko, pareho silang tutok sa isa't isa.

"Are you alright?" dinig kong tanong ni Sensui.

"Yes."

"Are you sure?"

"Yes."

"Hey," muling sambit ni Sensui, halatang nalilito siya sa kilos na gagawin. **"Are you sure?"** Hindi man gaya nang sa akin ang mararamdamang pag-aalala sa kaniyang tono, iyong katotohanang may bahid iyon ng pag-aalala ay nakakabahala sa akin. **"Hindi ko sinasadyang marinig 'yong usapan ninyo ng asawa mo kanina."**

"No, it's okay," naiilang na ani Eerah Anitha, hindi man lang matingnan ang kaharap sa mata. **"I'm okay, thank you."** Hindi mahihimigan ang interes sa kaniyang boses.

"Are you sure that you're okay?"

"Will you please stop asking?" bigla ay asik ni Eerah Anitha. Sa sandaling iyong ay tumingin na siya nang deretso sa mga mata nang nagulat na si Sensui. **"Because I'm tired of lying, Lohr,"** dagdag niya at saka tinalikuran ito at naglakad papalayo sa lugar na iyon.

Para akong nagising mula sa isang panaginip kung saan silang dalawa ang bida. Napatitig ako sa likuran ni Sensui habang siya ay abala sa pagtanaw kay Eerah Anitha. Sandali ko ring nilingon ang babae at pilit kong sinasagot ang sarili kung ano ba ang nangyari. May kung ano sa kalooban kong hindi pumapayag sa sitwasyong ito. Parang gusto ko siyang hilahin paharap sa 'kin dahil hindi ko na natatanaw pa si Eerah Anitha, pero

nananatili siyang nakatingin sa gawing nilakaran nito. Bagay na hindi ko kailanman naisip na gagawin niya sa babaeng iyon.

Bakit parang naging okay naman yata bigla ang relasyon nila sa isa't isa? Magdamag siyang hindi nag-text sa 'kin tapos makikita ko siyang kausap siya? Gusto kong magselos pero kailangan ko munang malaman ang dahilan niya.

Mayamaya ay humarap si Sensui sa gawi ko. Natigilan siya habang ako naman ay blangkong nakatingin. Napakamot siya sa sentido habang nakatitig sa 'kin. Pakiramdam ko kasabay nang malakas na hangin ay nawala ang pagkakakilanlan ko sa taong ito. Naninibago ako sa presensiya niya sa harapan ko. Para bang kaytagal naming hindi nagkita at nagkausap. Kung saan ang totoo ay maghapon lang naman.

"I didn't know you're here?" patanong niyang sambit, nagtataka. Ngunit hindi iyon gaya nang normal niyang pagtataka. Iyong may bahid ng pag-aalala dahil hindi niya inaasahang saksi ako sa kanilang pag-uusap ng babaeng iyon.

Hindi iyan ang kadalasan mong sinasabi kapag nagugulat ka sa presensya ko, Sensui. Babe. Babe. Babe. Iyon parati ang una mong sinasabi.

"Kanina pa," walang emosyong tugon ko. Tumitig siya sa 'kin at nakabibingi ang sumunod na katahimikan. Wala akong nagawa kundi ang basagin iyon nang kusa. **"Hindi ko alam na gano'n na pala kayo ka-close ni Eerah Anitha?"**

Kailan lang no'ng pag-awayan natin siya, Sensui, dalawang tulog lang ang lumipas.

"No. It's not like that. May nangyari lang na hindi inaasahan," napapabuntong-hiningang tugon niya. Pakiramdam ko tuloy ay sawa na siya agad sa unang tanong ko pa lang. **"Tapos na ang klase mo?"** mayamaya'y tanong niya nang hindi ako magsalita.

"Oo. Pupunta ako sa supermarket ngayon. Mamimili ako ng ibabaon ko sa tour namin bukas." Pilit kong inaalis ang namumuong selos at paninibago sa kalooban ko.

Tumango siya. **"Ayos lang ba kung hindi kita masasamahan?"**

Natigilan ako at napako ang paningin sa kaniyang paanan. Sa kauna-unahang beses, pakiramdam ko ay ayaw niya akong makasama.

Ako lang ba ito o gano'n talaga ang ipinaparamdam niya sa 'kin? Naninibago ako. 'Wag kang mag-isip nang kung ano-ano, Maxpein.

"May klase pa kasi ako," dagdag niya, nabalik ako sa ulirat.

Nag-angat ako ng tingin at pilit na ngumiti. Nakahinga ako nang maluwang nang mabasa ang lungkot sa mga mata niya, humihingi ng pasensya.

"Major kasi iyon kaya hindi ako pwedeng um-absent," dagdag pa niya. Tipid ang ngiti ko nang tumango.

Naniwala ako sa sinabi niya. Nagliwanag ang mukha niya nang ngumiti ako.

"Ayos lang, kasama ko naman si Naih," napapakamot sa ulong tugon ko. **"Mm, hindi ka nag-text sa 'kin. Natanggap mo ba ang text ko?"** napapahiya, nauutal kong tanong.

Natigilan siya at bahagyang nagulat 'tsaka hinugot ang telepono mula sa bulsa. Napakamot siya sa ulo habang binabasa iyon. 'Ayun na naman tuloy iyong pakiramdam na kinukurot ang puso ko pero wala akong nagawa kundi ang tumawa na lang kunyari. Tumingin na naman siya sa 'kin nang may paghingi ng paumanhin.

"Hindi ko napansing may text ka pala, sorry," napapahiyang aniya pero pakiramdam ko ay mas napahiya ako.

Hinihintay kong tawagin mo akong babe... Gusto kong manlumo. *Magdamag ko siyang inisip pero mukhang hindi man lang ako sumagi sa isip niya.*

"'Oy, Maxpein, ano? Natatae na ako!" Nangibabaw bigla ang tinig ni Naih. **"Hi, Sensui!"** bati niya pa. **"Max! Tara na, oh!"**

Tsk! Pinilit kong ngumiti. **"Mauuna na kami, galingan mo sa klase."**

"Drive safely, okay?" Lumapit siya at hinaplos ang buhok at pisngi ko. Ngumiti ako. **"I'll text you,"** aniya saka tinalikuran ako.

Nagulat ako at muling natigilan. Hindi ko inaasahang tatalikuran niya ako.

Napatitig ako sa kaniyang likuran, pilit na pinipigilan ang aking emosyon. Gusto kong lokohin ang sarili ko na walang mali sa 'min. Pero dahil masyado siyang showy ay parang siya na mismo ang nagsasabi. Agad akong nanlumo at nawalan ng gana. Hindi ako sanay sa ganitong pakikitungo niya. Parang ang layo namin sa isa't isa. At ang mas nakakalungkot pa ay hindi ko alam kung bakit kami biglang nagkaganito. Napakabilis at walang pinagmulan, sadyang nakakalito.

SIN'S POV

"Nakahanda na ang sasakyan, Sin," ani Christian mula sa aking likuran.

Kasalukuyan akong nasa harap ng bintana, sa loob ng aking opisina, sumisimsim ng wine. Tahimik akong nag-iisip habang nakatanaw sa bundok ng Makiling sa di kalayuan. Bumaba na ang araw at kapayapaan ang dulo ng kulimlim. Pakiramdam ko ay kalmado ang buong sistema ko bagaman napakarami kong isipin.

"Paparating na rin ang Chairman," muling dagdag niya nang hindi ako tumugon sa unang sinabi. Hinarap ko siya saka ko inilapag ang wine glass.

"Pagsilbihan at asikasuhin mo ang na muna Chairman, Christian," pormal kong tugon. **"Huwag mong hayaan na uminit ang ulo niya sa anomang paraan. Kailangan nating mapanatili siyang kalmado upang maging matagumpay ang planong ito."**

"Makakaasa ka, Sin."

"Mauuna na ako. Makikipagkita ako sa binata ng mga Echavez, iyan ang ipaliwanag mo sa Chairman." Sinabi ko iyon habang isinusuot ang aking coat at nag-aayos ng buhok.

"Si Randall Echavez ang tinutukoy mo?" Tanong niya. Tumango naman ako bilang tugon. **"Mag-iingat ka sa kaniya,"** mahihimigan ang pag-aalala sa kaniyang tono. Ipinilig ko naman ang aking ulo paharap sa kaniya, natatawa. **"Ang dinig ko ay hindi siya kasing hina gaya ng iniisip mo."**

Ngumisi ako. **"Hindi naman ako kailanman umasang mahina siyang tao. Lalo pa at hindi naman katawan ang basehan ko."** 'Tsaka ako sumeryoso nang magtama ang aming paningin. **"Isang bagay lang ang masisiguro ko, hindi niya kakayanin ang bilis kong kumilos."**

"Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang madamay ng mga Echavez, Sin," kunot-noong tugon niya.

Ngumisi ako. **"Kung ganoon ay mukhang may problema ang isip mo. Nawawala ka sa huwisyo, Christian, ang tanong mo ay isang kasalanan."** Makahulugan kong tugon saka ako lumapit. **"Huwag mo na muling kukuwestiyonin ang mga kilos natin, baka makasanayan at ikapahamak mo,"** halos pabulong kong dagdag. Tinapik ko ang kaniyang balikat saka siya iniwan.

Nasilaw ako sa liwanag ng mga ilaw nang makababa ako sa sala. Pakiramdam ko ay ganoon katagal nasanay sa dilim ang aking mga mata.

Nitong mga nakaraan ay nasa opisina lang ako, kaharap ang computer at laptop. Doon na rin ako halos kumakain, pinagsisilbihan na lamang sapagkat masyado akong abala.

Hati ang oras ko sa trabaho, negosyo at pag-aaral. Pumapasok ako sa SIS. Ngunit hindi ko naman na kailangang tutukan iyon na para bang isang tunay na estudyante. Kasama na iyon sa plano.

Isang bagay na kinahahangaan sa 'kin ng aking ama ay angkin kong talino na hindi malaman kung saan namana. Matalino siya ngunit batid kong hindi mula sa kaniya ang taglay ko. Matalino rin ang aking ina ngunit masasabi kong hindi rin mula sa kaniya ang aking talino.

Ang lahat ng katalinuhang taglay ko ay mula sa aking pagsisikap. Wala nang ibang pinagmulan.

Tumunog ang aking cell bago pa man ako lumulan sa kotse. Napangiti ako sa pangalan ng caller.

"Oh, Randall?" agad kong sagot sa tawag.

"Dinner is ready," masaya ang tonong tugon niya. **"Where are you?"**

"I see. We're on our way there. Pasensya na kung medyo natagalan. Nanggaling pa kasi ang Chairman sa meeting."

"No, it's okay. Ang totoo ay hindi pa ganoon kahanda ang dining table."Tumawa siya sa huli.

"It's okay. I'll be there in a few minutes," nakangiting sagot ko.

"You know where I live, right?"

Matagal ko nang alam, syempre, bago ko pa alamin ang pagkatao mo... Nangiti ako sa sariling isipin. **"Yes, you gave me your address."**

"Good. Take care, Sin."

"Take good care, Randall," pilit kong hindi ipinahiwatig ang tunay na ibig kong sabihin.

Agad na binalot ng galit ang puso ko nang maibaba ko ang linya. Naramdaman ko nang mawala ang ngiti sa aking labi. Nanlisik ang paningin ko sa katititig sa kawalan.

"Buhay sa buhay, Echavez, sa ganoong paraan ay magiging patas ka sa akin."

"Huminahon ka, Sin," nagulat ako nang mangibabaw ang tinig ni Christian. Hindi ko man lang namalayan ang paglapit niya. **"Hindi makatutulong sa ngayon ang galit mo. Maaari niyang sirain ang ating plano."**

Napabuntong-hininga ako. **"Sa Chairman ka na lang sumabay, mauuna na ako."**

"Huminahon ka," nangangaral at nag-aalala ang kaniyang tono.

"Alam ko ang ginagawa ko, Christian, hindi mo ako kailangang pagsabihan."

"Paalala lang ang sa akin, Sin. Alam ko nang hindi kita kailangang sabihan," sinserong aniya.

Bakas ang matinding pag-aalala sa tinig at mukha ni Christian. Lalo na nang mabasa ang galit sa aking mga mata. Nagbaba siya ng tingin bilang paggalang.

"Nais ko lang ipaalala sa iyo ang mga bagay na isang taon mong pinagplanuhan. Ayaw ko lamang na masira ang mga iyon nang dahil lang sa isang imbitasyon."

"Alam ko pa rin ang ginagawa ko, Christian. Hindi ito ang tamang oras para pag-usapan iyan," hindi ko na naitago ang inis. Nag-iwas siya ng tingin. **"Sumunod na lang kayo ro'n ng Chairman. Inaasahan din ng mga Echavez ang inyong pagdating."**

Hindi ko na hinintay pang makasagot siya. Mabigat ang loob akong nagmaneho palayo. Pakiramdam ko ay binubura ng galit ang aking katinuan.

Ilang saglit pa ay tinatahak ko na ang pamilyar nang daan. Kahit hindi ipadala sa 'kin ni Randall ang address ay kaya ko itong balik-balikan. Ultimong ang kulay mula sa unang bahay hanggang sa nasa sumunod na block ay saulo ko. Maging ang mga gates nila ay nagagawa kong sukatin gamit ang matatalas kong mga mata. Maaaring kuwestyonable ang mga kilos ko laban sa kanila pero hindi ako nagsisisi dahil mabigat masyado ang aking dahilan.

Malaki ang galit ng aming pamilya sa mga Enrile at Echavez. Kung ituring namin sila ay salot at delubyo. Sapagkat dumating sila noong araw at oras na hindi namin inaasahan o napaghandaan. Sinira nila ang magandang samahan ng aming pamilya nang lingid sa kanilang kaalaman.

Maraming tao sa labas ng bahay nang makarating ako. Nandoon ang body guards na rumoronda, na parati naming nakikita sa t'wing palihim kaming dadako sa lugar na ito. May mga ilan na abala sa pag-uusap at hindi nagagawa ang kanilang mga trabaho. Ngunit ang karamihan ay nananatiling alisto.

Batid kong marami na ring bisitang nandoon dahil sa iba't ibang kotseng nakaparada. Nasisiguro kong hindi pag-aari ng mga Enrile o Echavez ang mga sasakyang iyon.

Sinadya kong daanan ang lahat at pumarada sa mismong unahan ng mga sasakyan. Syempre, naagaw ko ang atensyon ng lahat. Inayos ko ang suot bago bumaba. Agad akong tinanguan ng body guards.

"Magandang gabi, sir," bati ng isa sa kanila. **"Naparito kayo sa anong dahilan?"** pormal pa nitong tanong.

Ngumiti ako. **"I'm Cargosin Rewis,"** pagdiriin ko. **"Inaasahan ako ng mga Enrile."**

Tumango ito. **"Nakahanda na ang hardin para sa inyong pagtitipon. Dito po tayo,"** iginiya ako nito papasok sa bakuran.

Sa loob ng ilang segundo ay nagawa kong tingnan ang kabuuan ng kanilang lugar. Napakalinis at maaliwalas ang dating, kaaya-ayang tirhan ng mga taong nais na mabuhay nang mapayapa. Kahanga-hangang pagmasdan ang kanilang bakuran, punong puno iyon ng magagarang halaman at mga gamit. Mula sa labas ng bahay ay masasabi mong mayaman ang nagmamay-ari. Ang mga simpleng muebles na nasa labas ng bahay ay sadyang bumabagay sa kabuuan ng paligid.

En grande ang handa. Isang mahabang mesa ang sentro ng hardin. Sa tingin ko nasa trenta ang maaaring umokupa sa mesa. Mukhang pinaghandaan nila ang gabing ito.

Sa harapan niyon ay ilan pang mga mesa kung saan maayos na nakadisenyo ang handa. Malayo pa lang ay nalalanghap ko na ang samu't saring masasarap na amoy. Lalo pa akong natakam nang makitang umuusok sa init ang mga nakahain.

"Hey, Sin!" Agad akong sinalubong ni Randall. Awtomatiko akong ngumiti at tumango dahil naagaw niya ang atensyon ng lahat.

"Hey, Randall." Nakipagkamay ako nang makalapit.

"You're just in time," tinapik niya ako sa likod. **"But where's your family?"** aniya na nilingon pa ang pinanggalingan ko.

"Paparating na rin sila. Nakakahiya naman kung paghihintayin kita kaya nauna na ako."

Tumango siya. **"Come, I'll introduce you to my family,"** ngiti niya.

Napakagandang tingnan ng mga ilaw. Kahanga-hangang ginagawa niyong pormal at kalmado ang paligid. Ang malaking swimming pool na

nasa gilid ng bakuran, bagaman hindi magagamit sa gabing ito ay pinagkaabalahan pa rin nilang lagyan ng dekorasyon.

Mukhang maganda ang paraan ng pakikitungo ng mga ito. Hindi ko inaasahan ang ganito ka-en grande na salubong, Echavez.

"Everyone," agaw ni Randall sa atensyon ng mga naro'n. Agad kaming nilingon ng lahat. **"I want you to meet, Cargosin Rewis, my new friend."**

Agad na lumapit ang may pinakapamilyar na mukha sa 'kin. **"Finally. It's my pleasure to meet you, Cargosin Rewis, I am Chairman Enrile."** Agad akong tumango at nakipagkamay. **"I've heard a lot about you. Mabuti naman at pinaunlakan mo ang aming imbitasyon."**

"Hindi ko nanaising tumanggi, Chairman," nakangiti kong tugon, humalakhak naman ang matanda. **"Nice meeting you, too, Chairman Enrile, you can call me Sin."**

Isa-isang lumapit sa 'kin ang iba pang myembro ng pamilya. Nakakatawang isipin ngunit kahit hindi nila ako pangunahan ay kilala ko na sila. Kaya kong sabihin ang buong pangalan ng bawat myembro ng kanilang pamilya, at maging ang kahinaan ng mga ito ay alam ko.

Pwede ko kayong pagsabay-sabayin pero mukhang mas malilibang ako kung kayo ay aking iisa-isahin...

Ipinakilala rin sa 'kin ni Randall ang iba pang mga bisita. Ang Gozon at ang mga Yanai. Napakarami nila ngunit hindi man lang ako nahirapang sauluhin ang kani-kanilang mga pangalan.

"This is my younger and only brother, Rhumzell Echavez," pakilala muli ni Randall dahilan upang matinag ako. **"My wife, Dein Leigh Enrile-Echavez and our son, Ranleigh Deinall Enrile-Echavez,"** galak na galak pang dagdag nito. Tiningnan ko naman ang bata.

Ang sanggol... oo, ang sanggol...

"Hello, young boy," nakangiting bati ko. Gumalaw ang pareho nitong kamay na animong binabati rin ako. **"It's my pleasure to meet you."** Nakipagngitian pa sa 'kin ang ina nito nang hawakan ko ang kamay ng paslit. **"Pinaghalo ang inyong mukha sa kaniyang hitsura,"** namamangha ko pang sambit.

Humalakhak si Dein Leigh. **"I was expecting for an exact copy of me,"** aniya, nangiti ako. **"Ang sabi kasi ng mga buntis na nakilala ko, kung sino ang nagmamahal nang higit sa mag-asawa ay sa kaniya magmamana ang mukha ng magiging anak nila."**

Itinago ko ang pagngiwi. *Hindi kapani-paniwalang ang mag-asawang nagpapakadalubasang maging doktor ay naniniwala sa pamahiin.*

"Ngunit nasisiguro kong mas magandang lalaki ang isang 'to kapag lumaki," pormal ko pa ring tugon. Natawa ang mag-asawa.

"Dein Leigh, hija, come here. Dinner is ready," ani Mrs. Lacey Enrile. **"Pakitawagan mo naman si Deib Lohr, hija,"** pakiusap pa nito, tumango naman ang anak bago sumunod.

Inalalayan pa rin ako ni Randall hanggang sa makaupo sa pinakagitna ang mesa. Iyong pwesto kung saan makikita at maririnig ako ng lahat. Komportable ang upuan, mas mayaman ako sa kanila kung tutuusin kaya naman hindi ako umaasa sa mga bagay na akin nang nakagawian.

"I like your place," pormal kong papuri. Nilingon agad ako ng Chairman at 'ayun na naman iyong nagmamalaki niyang halakhak.

"Ang isang ito ay mag-isang itinayo ng aking apo na si Lohrton." Nilingon namin ang isa't isa. **"Maaaring nagugulat ka dahil sa edad kong ito ay apo ko na siya. Huwag kang magtaka dahil may anak na rin siyang binata."** Humalakhak siyang muli. **"Maaga kasi siyang nag-asawa gaya niyong anak kong si Dei Min."** Tumango na lang ako sapagkat wala akong interes sa mga bagay na alam ko na. **"Maiba ako ng usapan. Alam naman na ng lahat na naparito ka para sa usaping pakikipag-*socio* namin sa inyong pamilya?"** Muli akong tumango. **"Natuwa talaga ako nang husto nang mabanggit sa akin ni Randall ang tungkol sa mga bagay na napag-usapan ninyo. Hindi ko inaasahang magiging ganito kabilis ang ating pagkikita sa totoo lang."**

Muli kong itinago ang pagngiwi. Mukhang bihasa na sa panggagamit ang uklubang ito. Sa tono pa lang ng kaniyang pananalita ay sabik na siya sa pabor na matatanggap.

"Nagkaroon ako ng interes nang mabanggit sa akin ni Randall na nangangailangan nang malalaking makina ang inyong ospital," napapabuntong-hiningang tugon ko, pilit na pinananatili ang pagiging pormal.

"Ang dinig ko ay talagang business ninyo ang paggawa ng mga makina na ginagamit sa ospital? Tiyak na maganda ang negosyong iyan ngunit batid ko rin na malaki ang ipinundar ninyo."

"Ang totoo, Chairman, negosyo ito ng parents ko," ngiti ko.

Agad nag-igting ang panga ko nang maisip ang mga magulang. Ngunit kailangan kong maging propesyonal. Hindi ko pwedeng haluan nang

personal na damdamin ang trabaho. Masisira ang plano.

"Mahal na mahal nila ang kanilang negosyo kaya naman napalaki nila ito nang ganoon na lang. Hindi naman sa pagmamayabang pero nag-e-export kami ng mga machines sa iba't ibang bansa." patuloy ko. Matamang nakinig sa akin ang lahat. **"Kailan lang ay sinamahan ko ang Chairman na makipag-usap sa isang Taiwanese tungkol sa pagbili nila ng Positron Emission Tomography o PET Scan."**

"Nakakabilib," humahanga talagang tugon niya. Mapagpakumbaba akong ngumiti. **"Paniguradong masaya ang parents mo para sa iyo. Nakikita ko namang maski ikaw ay masaya sa iyong ginagawa."** Tumango ako. **"Kung gano'n ay makikilala namin ngayon ang parents mo?"**

"Darating dito ang daddy ko, Chairman din kung tawagin namin siya," nakangiti kong pagsisinungaling. **"Pero ang mommy ko ay hindi makararating."**

"Ganoon ba? Sayang naman at hindi pala namin siya makikilala. Maaari ko bang malaman kung bakit hindi siya makararating, hijo?"

"Pumanaw ang aking ina, mag-iisang taon na ang nakalilipas." Nakangiti ngunit batid kong mahihimigan sa akin ang hinanakit.

Gaya nang inaasahan ay natigilan ang lahat at matamang napatitig sa akin. Sa hindi malamang dahilan ay parang kinurot ang aking puso. Bigla ay parang gusto kong lisanin ang. Bukod sa akin ay walang nakaaalam at nakaiintindi sa sakit na pinagdaanan ko nang mawala ang mommy.

Masakit para sa akin na makaharap ang mga taong ito na siyang naging dahilan ng pagpanaw ng aking ina.

Nangibabaw ang sandaling katahimikan. **"Nandito na po si Chairman Rewis,"** anunsiyo ng isa sa mga tauhan.

Pare-pareho kaming napalingon at sabay-sabay ring tumayo nang makita ang aking ama. Kasama niya si Christian. Agad na kumilos si Chairman Enrile kasama ang Chairman ng mga Gozon at Yanai upang makipagkamay kay daddy. Nangingibabaw ang pagiging pormal sa bawat isa. Hindi na bago sa 'kin ang gawi na iyon ngunit dahil sa unang pagkakataon ko lamang nakasalamuha ang mga ito ay naninibago ako.

"Ikinagagalak kitang makilala, Chairman Rewis," ani Chairman Enrile.

Muli niyang ipinakilala ang lahat, isa-isa habang nananatiling pormal. Mababakasan sa mukha ng Chairman ang magandang pakikisalamuha at

pakikisama. Hindi halatang may kailangan siya sa amin kaya kami ninais na makausap.

Sandali muling nangibabaw ang katahimikan nang magsimula ang hapunan. Magiliw kaming inasikaso ng lahat. Naramdaman kong ganoon kami kaespesyal sa sandaling iyon.

"Nasaan na ang kapatid mo, hija?" pagbabasag ni Mr. Lohrton sa katahimikan.

"Paparating na siya, dad," nakangiting tugon ni Dein Leigh.

"Hmm," himig ng aking ama, pinasadahan niya ng tingin ang mga Enrile habang nakangiti ang lahat. **"Maganda ang inyong pamilya,"** papuri niya. 'Ayun na naman tuloy ang nagmamalaking ngiti ng Chairman ng mga Enrile. **"Batid kong siya ang asawa ng kaibigan nitong anak ko?"** Patungkol niya kay Dein Leigh habang nakatitig dito.

"Hm," tumango si Chairman Enrile. **"Ganoon na nga. Apo ko siya sa tuhod."**

Namangha ang aking ama. Gaya kanina ay inilahad ng Chairman ang dahilan ng pagkakaroon niya ng apo sa tuhod sa kaniyang edad. Hindi yata siya magsasawang ikwento iyon. Bagaman mahihimigan ang kaunting dismaya sa kaniyang tinig.

"Bagaman napaaga ang kanilang pag-aasawa ay masaya na ako sa aking pamilya. Maaaring takot sila sa pagiging istrikto ko pero hindi ko naman iyon maiiwasan, tsk tsk. Sa kabila ng pagiging istrikto ko ay nagawa pa rin nila akong suwayin. Itong apo ko sa tuhod ay maaga ring nakapag-asawa kaya naman may apo na ako sa talampakan." Napailing pa siya ngunit ngumiti rin. **"Parehong nagdodoktor ang mga ito, nakakatuwang tingnan."**

"At ang kapatid niya?" muling tanong nang aking ama.

Ngumiwi si Chairman Enrile. **"Nais niyang maging inhenyero, iyon ang kursong kinukuha niya,"** mapait nitong tugon. Nangibabaw muli ang katahimikan. Batid kong si Deib Lohr ang tinutukoy nito. **"Doon siya nag-aaral sa BIS. Siya lang ang nalihis sa aking mga plano."**

"Maganda naman ang kursong iyon, kumpare." Pinagkadiinan ng aking ama ang huling salita. Sandali iyong ikinagulat ng Chairman ngunit hindi maitatago ang tuwa sa kaniyang mukha.

"Hindi ko maitatanggi iyan, oo, kumpare. Maganda nga ang kursong iyon. Ngunit hindi iyon ang pangarap ko para sa kaniya.

Magagalak ako kung makikita ko siyang nakabaro ng puti at may hawak na stethoscope."

"Nauunawaan ko ang iyong punto, ngunit maging masaya ka na lamang para sa iyong apo."

"Ganoon na nga lang siguro. Wala naman akong magagawa sapagkat masyadong matigas ang ulo ng isang iyon."

"Dumaan din sa ganiyan stage ang aking mga anak. Hindi naman na yata maiiwasan 'yan sa mga kabataan ngayon sapagkat kakaiba na ang takbo ng kanilang utak," parang natatawang kwento ng aking ama. Sinulyapan niya pa ako 'tsaka muling tumingin sa kausap. **"Mabuti na lamang talaga at hindi nagrebelde itong si Cargosin."**

"Ayaw niya bang mag-Medisina?" Sinulyapan pa ako ni Chairman Enrile bago muling tumingin sa kaharap.

"Isa siyang piloto, pinilit ko siyang tapusin ang kursong iyon," kwento ni daddy. Namangha ang lahat. **"Nais niyang maging doktor. Kaya naman napag-usapan naming maging isang ganap na piloto lamang siya ay maaari niya nang kunin ang lahat ng kursong naisin niya."**

"Kahanga-hanga," tumatangong ani Chairman Enrile. Sinuklian ko muli siya nang mapagpakumbabang ngiti. **"Hindi ko inaasahan ang bagay na iyan, isang piloto? Napabilib mo talaga ako, hijo."**

"Salamat, Chairman," tanging tugon ko.

"Nag-iisa ba ang anak mong ito?" Muling tanong ni Chairman Enrile.

"Apat sila, iyan ang totoo." Bagaman nagningning ang mga mata ni daddy, nababasa ko doon ang lungkot. **"Lahat sila ay successful, isa lamang ang napariwara."**

Kumunot ang noo ni Chairman Enrile. **"Nakakalungkot madinig ang bagay na iyan."** Muli siyang tumingin sa akin. Ngumiti ako. **"Nasaan ang mga kapatid mo?"**

"May kani-kaniya na kaming bahay at buhay, Chairman. Madalang ko nang makasama ang mga iyon. Ang totoo ay tatlo na lang kaming nandito. Hindi nakasama si Eerah Anitha, may pinagkakaabalahan siya."

"Tatlo?"

"Yes, Chairman, tatlo."

"Nasaan ang isa kung ganoon? Iyon ba ay iyong napariwara ayon sa iyong ama?"

Masiyado kang mausisa.

"Hindi. Matino ang isang iyon. Napakatino at wala kaming masasabi tungkol sa kaniya. Pumanaw na siya," lahad ko. Gaya muli nang inaasahan ay nagulat at natigilan ang mga ito. **"Pumanaw siya sa napakamurang edad dahilan upang masaktan ang buo naming pamilya."**

"Ikinalulungkot kong madinig ang bagay na iyan, hijo." Nalungkot talaga ang Chairman ng mga Enrile.

"Hindi ko malaman kung bakit nakasanayan na namin ang kaniyang pagpanaw ngunit nandito pa rin ang sakit."

"Nauunawaan kita sapagkat ganyan din ang aking naramdaman tungkol sa aking asawa," malungkot ngang tugon niya.

"Matagal ko nang tanggap ang pagkawala niya ngunit araw-araw ko pa ring hinihiling na sana ay nakakasama ko siya," madamdamin kong tugon. Ang emosyon na nagmula sa akin ay sadyang tunay at napakapait.

"Ganyang din ang nararamdaman ko, hijo, nauunawaan kita, maniwala ka." Bumuntong-hininga ang Chairman matapos ngumuya. Nananatiling nakamasid habang nakikinig sa 'min ang lahat. **"Kung ganoon ay hindi lang pala kayo isang beses na nawalan kundi dalawang beses? Masasabi kong ganyan din ang aming naramdaman nang pumanaw ang aking asawa at ang asawa ng aking anak na si Dei Min."**

"Pero masakit ang mawalan ng isang anak," madamdaman din na tugon ng aking ama. Nilingon siya ng lahat. **"Masakit masyado sa pakiramdam ang maunahan ka niya sa napakamurang edad. Higit akong nasaktan nang pumanaw ang aking asawa. Ngunit mababatid kong dumagdag doon ang sakit sa katotohanang pumanaw ang aking anak at pagkatapos ay ang aking esposa."**

"Ikinalulungkot kong marinig ang tungkol diyan, pagpaumanhinan ninyo ang aking pag-uusisa."

"Ayos lang, natural lamang para sa bagong magkakilala ang pag-usapan ang tungkol sa kani-kanilang pamilya."

"Hindi man namin nauunawaan ang pakiramdam nang mawalan ng isang anak, hindi na namin hihilinging maunawaan pa. Ang aking apo na lalaki ay minsan na ring nalagay sa panganib ang buhay." Sa unang pagkakataon ay sumabat si Mr. Dei Min Enrile. **"Mabuti na lamang at**

naagapan. Salamat sa mga taong gaya ninyo na gumagawa ng makina na nagagamit pansalba ng buhay."

Si Deib Lohr. Ang mahina na si Deib Lohr. Tsk tsk tsk. **"Anong nangyari sa kaniya?"** usisa ko.

"Mahina ang kaniyang puso mula pagkabata. Masaya kaming maayos na ngayon ang kaniyang estado," nakangiting tugon naman ni Chairman Enrile. **"Hinihiling ko nga na sana ay kasabay ng pagbabago ng kaniyang puso ay nawala rin ang pagiging matigas ng kaniyang ulo."**

Tumikhim si Mr. Dei Min Enrile dahilan upang mapalis ang pait sa tono ng pananalita ng Chairman.

"Mukhang may katigasan nga ang ulo ng iyong apo," tatawa-tawang sabat ng aking ama. Ikinagulat ko iyon sapagkat sa ganyang asta ay paniguradong mag-uusisa pa siya, bagay na hindi niya nakagawian.

"Ganoon na nga, isang bagay na kinaiinisan ko sa kaniya," muling tumikhim si Chairman Enrile. **"Mula nang magkaroon ng sariling isip ang binatang iyon ay naging mas matigas ang kaniyang ulo. Kinahiligan na ang sumuway sa aking mga gusto."**

"Ngunit minsan ay mabuting hayaan natin silang matuto sa kanilang mga desisyon. Darating ang panahon na sila pa rin ang kusang lalapit sa atin. Sa oras na iyon ay nasisiguro kong masasabi niyang tama ang iyong mga naunang desisyon."

"Mabuti nga sana kung natututo siya. Ilang beses na siyang nagkamali ngunit mukhang walang natutunan. Hindi ko lubos na maunawaan kung saan niya namana ang pagiging alaskador."

"Alaskador?"

"Hm. Mahilig mambuyo ang aking apo na si Deib Lohr, masasabi kong hobby niya iyon."

"Hanggang ngayon?"

"Batid kong huminto na siya sa pambubuyo ng kaniyang mga kaeskuwela. Pero may mga bagay pa rin siyang hindi sinunod sa aking mga kagustuhan," muling kwento ng Chairman. Pero hindi na sumagot pa ang aking ama na siya namang ipinagtaka niya.

Ngumiti ako bago nagsalita. **"Bully?"**

Nilingon ako ng Chairman. **"Bully? What do you mean?"**

"Ang apo ninyo ay isang bully?"

"Ah, that. Hm, yes," mapaklang tugon niya. **"Iyan nga ang tawag sa kaniya ng mga kaeskuwela."** Bumuntong-hininga pa ito na animong sawang-sawa na.

Bumuntong-hininga rin ako 'tsaka pilit na ngumiti sa lahat. **"Ang bunsong kapatid ko rin ay dating biktima ng isang bully,"** lahad ko. Mataman na namang nakinig ang lahat. **"Ngunit nagpatiwakal siya dahil hindi kinaya ang pambubuyo ng isa sa kaniyang mga kaklase."** Gaya nang inaasahan ay nabigla sila. **"Iyon ang naging dahilan ng kaniyang pagkamatay."**

"Nagpatiwakal?" halos mautal pa si Mrs. Enrile, tumango naman ako. **"Dahil ba iyan doon sa nangbu-bully sa kaniya?"**

"Yes," tipid kong tugon. Napahawak ang ginang sa kaniyang dibdib. **"Nakakalungkot ang bagay na iyon at hindi namin inaasahan, hindi kami handa. Hindi niya nababanggit sa amin ang tungkol sa school niya. Ang tanging nalalaman namin ay nakapag-aaral siya nang maayos. Hindi man lang namin nalaman na nabu-bully pala siya. Huli na ang lahat nang marinig namin ang buong istorya."** Malungkot talagang kwento ko.

Sandaling nangibabaw sa 'min ang katahimikan, animong ninanamnam ng mga ito ang ikinuwento ko. Batid kong nalungkot din sila sa narinig ngunit hindi niyon mahihigitan ang lungkot na idinulot ng katotohanang iyon sa aming pamilya.

"Para akong binagsakan ng langit nang pumanaw ang bunso kong anak," mayamaya'y sambit ni daddy. Tiningnan siya ng lahat at bumalatay sa mukha ng bawat isa ang awa. **"Sa napakamurang edad ng aking dalagita ay hindi siya karapat-dapat makaranas nang ganoong klase ng paghihirap. Sa halip na maglibang ay nahulog siya sa kamay ng isang buyong kaeskwela, na siya ring naging dahilan ng kaniyang pagpanaw."**

"Good evening!" Natinag ang lahat nang biglang mangibabaw ang pamilyar na tinig. Hindi ko man ito lingunin ay nasisiguro ko na ang kaniyang pagkakakilanlan.

Deib Lohr Enrile...

"Oh, baby, you're late," mahihimigan ang pagkabalisa sa tono ni Mrs. Enrile. Tumayo siya upang akayin ang anak papalapit sa mesa. **"Where have you been?"**

Baby? Hmm... Mommy's boy. Interesting.

Halos ang lahat ay nakatingin sa bagong dating. Ngunit nananatili itong nakatingin sa akin. Ngumiti ako at tumango. Bahagya itong napakurap at napalunok nang gawin ko iyon kaya gusto kong matawa.

We meet again.

"Ah, this is Sin," pangunguna ni Randall. **"He's my new friend. Sin, this is Deib Lohr, my wife's younger brother."**

Tumayo ako upang makipagkamay sa kaniya. **"Hey, bro, I'm Sin. Nice to meet you."**

"Nice to meet you, too, I'm Deib Lohr,"simpleng sagot niya. Hindi ko maintindihan kung ano ba ang mayroon sa aking mukha at hindi niya tantanan. Gusto kong matawa lalo na nang maisip na alam ko ang dahilan.

"Sit down." Makapangyarihang utos ni Chairman Enrile, agad kaming tumalima. **"May klase ka bukas, Deib Lohr, hindi ba't nararapat lamang na manatili ka rito sa bahay upang mag-aral?"**

"May dinaanan lang, Chairman."

"Inaabot na pala ng hapunan ngayon ang padaan-daan lang?" sarkastikong tanong nang matanda. Napayuko naman ang apo nito. **"Nakipag-date ka na naman ba sa iyong nobya?"**

"No, Chairman," napapahiyang tugon ni Deib Lohr. Sinenyasan na lamang siya ng ama na kumain.

"Siya ang apo na tinutukoy ko sa inyo. Ang apo kong matigas ang ulo at bully." Mahihimigan ang inis sa tono ng Chairman. **"Mabalik tayo sa usapan, Chairman Rewis, ikinalulungkot ko ang pagkamatay ng inyong anak."** Tumango sa kaniya ang aking ama. **"Batid kong pumanaw na rin ang iyong kabiyak. Bagaman huli na ay nais kong iparating ang aming pakikiramay."**

"Salamat, Chairman Enrile. May dalawang taon na ang nakalilipas nang punanaw ang aking anak na si Watre. Nang sumunod na taon naman ay punanaw ang aking may bahay."

"Pakiramdam ko ay gumuho ang daigdig ng mga oras na iyon. Hindi ko maipaliwanag ang sakit," emosyonal pang lahad ng aking ama. Agad namang umalalay sa kaniya si Christian. **"Walang katumbas ang sakit na idinulot ng kanilang pagkawala sa akin at sa aking pamilya. Napakasakit. Nais kong maghiganti sa mga taong may kagagawan ng kanilang pagkamatay. Nang dahil sa sobrang galit na nararamdaman ko nang mga oras na iyon. Ngunit masyado akong pinanghina ng kalumbayan. Nagmakaawa ako sa langit na pagkalooban sila ng**

ikalawang pagkakataon ngunit nabigo ako. Ultimong ang mga makina na siyang negosyo na pinagkakakitaan namin ay tinalikuran ko. Pakiramdam ko ay pinagtaksilan din ako ng mga iyon."

"Ikinalulungkot kong marinig ang bagay na iyan, Chairman Rewis," sinserong ani Chairman Enrile.

"Namatay ang aking may bahay nang puno ng paghihinagpis sa isang binatilyo na siyang naging dahilan ng pagkamatay ng aming bunso," mariing kwento muli ni daddy. **"Ang bully na iyon."**

"Bully?" Parang wala sa sariling ani Deib Lohr. Nilingon siya ng lahat. Makikita sa kabuuan ng kaniyang mukha ang gulat, namumutla siya habang napapalunok pa.

"Oo, hijo," seryosong tugon ng aking ama. Tinitigan ko naman si Deib Lohr upang makita ang kaniyang reaksiyon. **"Ang bunsong anak ko ay nag-suicide, hindi niya kinaya ang depression. Araw-araw siyang binu-bully sa school nang hindi namin nalalaman. Ang aking anak na nais lamang na makapag-aral nang maayos upang makapagtapos ay nasira ang buong pangarap nang dahil sa isang bully,"** pagdiriin niya pa na siyang mas ikinabigla ng binata. Maging ang mga kasama namin sa mesa ay mukhang kinabahan. **"Hindi nila alam kung gaano namin kamahal ang mabuting batang iyon. Wala siyang ginawa kundi ang pasiyahin kami at bigyan ng inspirasyon. Kung ako ang tatanungin ay kaya kong patayuan siya ng sariling paaralan, at pagsilbihan ng mga kilalang guro na mula sa iba't ibang bansa. Ngunit ninais niya ang mamuhay nang simple. Iyong uri ng pamumuhay kung saan maaari siyang makihalubilo sa iba't ibang uri ng tao. Hindi siya maluho, ang totoo ay namamasahe lamang iyon araw-araw papasok sa eskuwela. Kinahiligan niya rin ang magsinop ng pera upang may gastusin sa oras ng pangangailangan. Wala kaming reklamo ng aking esposa tungkol sa anak naming iyon na si Watre, napakabuting bata."** Makikita sa mga ngiti nang aking ama ang magagandang alaala. **"Ngunit nabale-wala ang lahat nang tumuntong siya sa high school. Naging impyerno ang kaniyang buhay nang dahil sa isang kaeskuwela na walang ginawa kundi ang buyuin siya. Hindi ko maintindihan sa anumang paraan kung bakit kinakailangang maranasan niya ang mga bagay na iyon, hindi kaparat-dapat na bastusin ang aking anak. Napakabuti niya upang mauwi sa ganoon ang kaniyang buhay."**

"May I know her name?" Garalgal ang tinig ni Deib Lohr. Wala talaga sa sarili. Sinabi na ng aking ama ang pangalan ni Watre ngunit mukhang wala siyang narinig.

Mataman siyang tiningnan ng aking ama. Makikita ang takot sa kaniyang kabuuan lalo na sa kaniyang mga mata. Wala pa man ay parang humihingi na ng paumanhin iyon.

"Sa BIS po ba siya nag-aral?" dagdag pa ni Deib Lohr.

Hindi agad sumagot ang aking ama. Gusto kong matawa dahil kung makikita mo lamang si Deib Lohr ngayon ay para bang sinusunog na siya. Ang lahat ay nakatingin na rin sa aking ama, naghihintay ng sagot habang umaasa na hindi ang kanilang kapamilya ang siyang dahilan kung bakit nagpakamatay ang aking kapatid.

Nakakatuwang pagmasdan ang kanilang mga hitsura. Takot na takot at hindi handang magsipagluksa. Ganito ang mga eksena na nais kong masaksihan. Masarap panoorin ang mga uri ng taong gaya nila habang nasasaktan at natatakot. Pero parang pagkain sa aking kaluluwa ang makita silang lumuluha at nagmamakaawa... gaya nang ginawa nila sa amin noon. Oo, gaya nang ginawa nila sa amin noon.

"Her name is Rajil Watre Rewis," simpleng tugon ng aking ama. Napaisip naman si Deib Lohr.

"Batid kong bago lamang kayo rito sa Laguna, tama ba?" Umaasang tanong ni Chairman Enrile. Gusto ko na namang matawa dahil mukhang pati siya ay natatakot sa maaaring isagot ng aking ama. **"Ibig kong sabihin, imposibleng mula sa BIS ang inyong anak?"**

Hindi napigilan ng aking ama ang nakakalokong tawa. **"Bakit mo naman naisip na taga-BIS ang aking anak, hijo?"** Baling niya sa binata, hindi naman ito nakasagot. **"Hm, mukhang sumobra nga yata ang pagiging bully mo, gaya ng ikinuwento ng iyong lolo, kaya ganito na lamang ang takot mo—"**

"Hindi po ako natatakot," agap ni Deib Lohr, ngunit mahihimigan ang pagsisinungaling niya. Trinaydor siya ng sariling tinig. **"Gusto ko lang pong malaman dahil ang totoo ay may mga na-bully ako noon..."** Halos pumiyok ang kaniyang boses.

"Babae ba ang mga iyon?" gulat kunyaring tanong ni daddy, napayuko ang binata bago tumango. Nilingon ko si daddy, nakita kong sumama ang kaniyang tingin. Ngunit agad niya rin iyong pinalis. **"Sa tingin mo ba ay haharapin ka namin dito ngayon, kasama ang iyong pamilya, kung**

ikaw ang binatang iyon na siyang naging dahilan nang pagkamatay ng aking anak?"

Batid ko ang motibo ni daddy. Gusto niyang pahirapan sa pag-iisip si Deib Lohr. Gusto niyang isipin nito sandali na ito ang dahilan sa pagpapakamatay ng kaniyang anak.G Nagtagumpay si daddy. Kakatwa nga lang dahil maging ang pamilya nito ay mukhang ganoon din ang inisip.

Nakahinga nang maluwang si Deib Lohr, napitang tumawa. **"Naniniguro lang po, Chairman."**

Natawa kami ng aking ama. **"Maaari ko bang malaman kung bakit mo ginawa sa nakaraan ang mga iyon?"** walang ano-ano ay tanong ng aking ama. Nag-angat ng tingin ang lahat.

Si Deib Lohr ay animong nawalanng dugo sa mukha nang bigla siyang mamutla. **"Ang alin po?"** napapalunok niyang tanong.

"Hm, ang pangbu-bully?"

"Sa anak niyo po?"

Hindi na napigilan ng aking ama ang matawa. Lalo pa at talagang namumutla na ang binatang kausap. **"Hindi, hijo, hindi. Ang tinutukoy ko ay iyong mga taong b-in-ully mo 'ka mo sa mga nakalipas na panahon."**

Bigay na bigay na tumawa si Deib Lohr. Para bang nakahinga siya nang maluwang dahil sa sinabi ng aking ama. Tumikhim pa muna siya at sinulyapan ang pamilya bago nagsalita. **"Honestly, I don't know either, Chairman. Aminado naman akong na maloko talaga ako. Hindi ko itatanggi ang mga kalokohang nagawa ko. I was once a victim of bullying. Siguro iyon ang naging dahilan ko. I don't know."** Nagkibit-balikat siya. **"I have this attitude na,"** umiling siya nang umiling na tila nalilito. **"Naiinis ako sa hitsura ng mga taong hindi ko gusto."**

"So binu-bully mo ang mga estudyanteng nagmamay-ari ng mukhang hindi mo gusto?"

"Exactly," napapayukong tugon ng binata. **"I'm ashamed to admit that most of my targets are girls—but believe me, I'm no gay."**

Lalong natawa ang aking ama. Ako man ay nakisalo sa halakhak niya. *Kakaiba ang binatang ito.* **"Hindi naman pumasok sa isip ko iyon, hijo. Hm, ngunit alam mo naman bang mali ang iyong ginawa?"**

"Of course," agad nitong tugon, tumango ang aking ama. **"No'ng una pa lang ay alam ko nang walang tama sa ginagawa ko."**

"Kung gano'n, bakit ginawa mo pa rin?"

"Hindi ko na po kasi mapigilan, eh, tsk." Ngumuso siya na parang bata. **"Parang hindi kompleto ang pagkatao ko kapag hindi ko nagagawa 'yon."**

"Naghihiganti ka ba dahil sa mga pangbu-bully sa 'yo no'ng kabataan mo?"

"Ayaw ko man pong isipin pero mukhang gano'n na nga po ang dahilan," napapahiyang tugon nito. Napabuntong-hininga naman ang aking ama. **"May nagsabi nga sa 'kin na...hindi niya raw malaman kung ilan bang demonyo ang pumasok sa 'kin at nagawa ko ang mga 'yon,"** nangingiti pang dagdag niya na animong may naalala. **"Even I don't know the exact reason why I did what I did back then. Pinagsisihan ko naman po ang mga 'yon."**

"Iyon ang mahalaga, hijo, pinagsisihan mo ang mga bagay na iyong nagawa. At syempre huwag mo nang uulitin. Dahil hindi mo gugustuhin kung sa iyo mangyari ang mga iyon."

"Oo nga po."

"Ang tanong nga lamang ay..," wala sa sariling pagsabat ko. Nilingon ako ng lahat kaya naman nagpatuloy ako. **"Tinanggap naman ba ng mga taong iyon ang pagsisisi mo?"**

Bahagyang nanlaki ang mga mata ni Deib Lohr. Tumitig siya sa 'kin na para bang hindi naunawaan nang lubos ang aking sinabi. Binigyan ko siya nang tipid na ngiti upang ipakita sa kaniyang wala akong anumang nais na ipahiwatig sa tanong na iyon. Pero sa loob-loob ko ay gusto kong kabahan siya, gusto ko siyang mag-isip, gusto ko siyang matakot.

"Magandang bagay ang paghingi ng tawad sa mga taong nagawan mo ng mali at masama," nakangiting dagdag ko. **"Ngunit sa tingin ko ay magiging makabuluhan ang paghingi mo ng tawad kung ito ay tinanggap. Hindi lahat ng napakikinggan ay ating tinatanggap,"** makahulugan kong dagdag dahilan upang kumunot ang kaniyang noo. **"May mga taong pakikinggan ang paumanhin mo ngunit magagawa iyong bale-walain. At sa huli ay maghihiganti sila sa iyo dahil hindi sapat ang paumanhin mo."**

Humugot siya nang malalim na hininga. **"I understand what you're trying to say. May mga ilan ngang naghiganti sa 'kin. Tch. But in the end, they are the ones who regret their actions because they've gone far. I'm confident that most of them accepted my apology,"** nakanguso bagaman seryosong tugon niya. **"Naging girlfriend ko pa nga iyong isa,**

haha—" Natigilan siya sa pagtawa nang samaan siya ng tingin ni Chairman Enrile.

Aaminin kong hindi ko inaasahan ang naging sagot niya. *Paano niya nakukuhang tumawa sa kabila ng aming diskusyon? Nakakainsulto, nakapang-iinit ng ulo.*

"That's nice," tugon ni daddy. **"Let me guess, siya ang naging dahilan kung bakit huminto ka sa pangbu-bully?"** nakangiting dagdag niya. Bagaman napapahiya ay hindi napigilang mangiti ng binata habang tumatango. **"Mahal na mahal mo siya, ano?"** Lalong ngumiti ito habang tumatango. **"Ipagpatuloy mo lamang iyan, hijo."**

Matapos ang usapang iyon ay napunta kami sa tunay na dahilan kung bakit kami naparito, ang pakikipagsosyo ng mga Enrile, Echavez, Gozon at Yanai sa amin. Kasama sa aming plano ang alinman sa mga iyon kaya naman naging maingat kami sa bawat tugon. Hindi ito gaya ng negosyo na maghahati-hati sila sa kapital at paghahati-hatiaan din ang kita. Sa plano naming ito ay may benepisyo pa rin ang tao. Ngunit gagamitin lang namin iyon upang makuha ang atensyon at tiwala ng mga pamilyang ito. Ganoon kami kadesididong maghiganti sa mga ito na ultimong ang paglalabas nang malalaking pera ay handa naming isakripisyo.

Plano naming magtayo ng ospital at kunin ang mga pamilyang ito bilang stockholders.

"Kung ganoon ay talagang plano ninyo ang magpatayo ng ospital, Chairman Rewis?" nakangiting tanong ni Mr. Gozon. Bibihira kong makita ito, sobrang abala sa dami ng negosyo.

"Ganoon na nga," nakangiti ring tugon ng aking ama.

"Hindi naman siguro iyan makakaapekto sa mga ospital kung saan may stocks ang mga pamilyang narito ngayon?" Malumanay magsalita si Mr. Gozon, ayaw mainsulto ang aking ama.

"No. Hindi sa ganoon," mapagpakumbabang tugon ng aking ama. **"Bagaman ang plano ko ay magtayo sa mismong gitna ng BIS Hospital at SIS Hospital, sa tingin ko ay hindi iyon makaaapekto sa inyo. Isang pampublikong ospital ang nais ko. Layon kong makatulong sa mga taong hikahos at walang kakayahang magbayad nang malaking hospital bills."** Bumuntong-hininga pa ang aking ama. **"Kailangan nating aminin na mahal ang gastusin sa inyong mga ospital?"** Tumango ang karamihan sa kaniya. **"Iyon ang punto ko. Ang magkaroon sila ng isa**

pang pagpipiliian na ospital kung saan nila dadalhin ang kanilang pasyente."

"Huwag mo sanang masamain, Chairman Rewis, ngunit sa tingin ko ay malaki ang magiging epekto niyan sa aming mga ospital," sumabat ang lolo ni Randall Echavez. **"Ilagay natin ang ating mga sarili sa kanilang sitwasyon. Bakit ko pipiliin ang mamahaling ospital kung maaari ko namang dalhin ang aking pasyente doon sa makamumura ako? Kung gayong gaya nang sa mamahaling ospital ay gagaling din naman ito?"**

"Nauunawaan ko ang iyong punto, Chairman Echavez," humalukipkip ang aking ama bago ngumiti sa kaniya. **"Hindi talaga maiiwasan ang bagay na 'yan. Napakalaki ng tyansang sa ospital na itatayo ko pumunta ang mga pasyente. Kaya naman bumuo ako ng isa pang plano."** Matamang tumitig sa kaniya ang lahat, gano'n na rin ako. **"Dahil nga pampublikong ospital ang nais kong itayo, bagaman negosyo namin ang malalaking makina na ginagamit sa ospital, wala sa plano kong lagyan ito nang kompletong gamit. Sa madaling salita, limitado ang kakayahan ng ospital na itatayo ko. Karamihan nang maaaring dalhin sa amin ay iyong may mga minor procedures. Syempre, ire-refer namin sa BIS o SIS ang mga ito kapag hindi na kaya ng aming ospital. Gaya nang dati, nasa pamilya na ng pasyente o sa pasyente na mismo ang desisyon kung alin sa dalawang pribadong ospital nila nais pumunta."**

Agad na kumagat ang Echavez, Enrile, Yanai at Gozon sa mga sinabi ni daddy. Bagaman pinag-isipan ng lahat ay sinang-ayunan din naman. **"Ang layunin ko lamang naman ay makatulong sa mga taong hindi sapat ang pera. Kung ako ang tatanungin ay wala akong makukuhang pera rito. Kaya hindi ko ito matatawag na negosyo. Sabihin na lang nating tulong ko ito sa mga mahihirap. Hindi naman sa pagmamayabang ngunit hindi naman mabigat para sa akin ang magtayo nang sarili kong ospital. Kayang kong ipatayo ito gamit ang sarili kong pera. Ngunit ayaw kong masamain ito ng iba. Kaya naman hinihikayat ko kayong makibahagi sa akin at magtulong-tulong tayo upang maisakatuparan ang proyekto kong ito."**

"Sa tingin ko naman ay maganda ang plano at layunin ni Chairman Rewis," mayamaya'y ani Chairman Enrile. **"Hindi naman lingid sa aking kaalaman na may ilang hirap na hirap sa pagbabayad ng hospital bills**

sa BIS at SIS. Nakararating sa akin ang tungkol doon." Bumuntong-hininga pa siya. **"May ilan pa ngang hindi na ninanais pang subukan dahil alam nilang mahal. Hangad nilang makamura ngunit sa layo ng pampublikong ospital dito sa ating lugar ay binabawian na ng buhay ang pasyente bago pa makarating. Hindi natin nais na magpaulit-ulit ang ganoong bagay. Our goal is to save lives,"** tatangu-tangong dagdag pa niya.

"Kung ganoon, tatanggapin ninyo na ba ang aking offer na maging stockholders sa aking itatayong ospital?" nakangiting tanong ni daddy. Ngumiti rin ang lahat. **"Bago pa man ang pirmahan ng kontrata, sasabihin ko na muna muli sa inyong donasyon lang ang matatanggap ng ospital na ito. At wala tayong aasahang pera na babalik sa atin. Itatayo natin ito para makatulong sa tao."**

"Napakabuti ng iyong puso." Walang ano-ano ay sumabat si Manang Nelia, ang kasambahay ng mga Enrile. Nakatayo siya sa tabi ng aking ama.

Napatingin ang lahat sa kaniya at nasilayan namin ang napakaganda niyang ngiti. Animong napakahiwaga ng kaniyang ngiti. Nagbibigay iyon nang pampakalma sa aming dibdib.

"Kung maririnig lamang ng mga taong nangangailangan ang inyong sinabi ay paniguradong tataba ang kanilang mga puso, Chairman Rewis. Hinihiling kong maging mas matagumpay ka pa sa lahat ng bagay."

"Salamat." Bagaman tipid ay buong pusong tugon ng aking ama. **"Natutuwa akong nakilala nitong aking anak si Randall. Ang totoo kasi ay matagal na naming plano ang pagtatayo nang sariling ospital. Nakakatawa kasing isipin na ang paggawa ng mga kasangkapan sa ospital ang negosyo namin ngunit wala kaming sarili. Napakataas ng pangarap ng batang ito, hindi pa man siya ganap na doktor. Humahanga ako sa iyo dahil nasa puso mo talaga ang pagiging doktor at ang pagtulong sa iyong kapwa."** Papuri niya sa aking kaibigan, napangiti naman ako.

Marami pa ang aming napag-usapan, kasama na roon ang pagbubusisi namin sa kanilang nakaraan. Bagaman marami na kaming nalalaman tungkol sa kanila ay iba pa rin iyong impormasyong magmumula sa kanilang bibig.

Hindi pa rin nawawala ang likas na kayabangan ni Chairman Enrile, halatang-halata sa kaniyang gustong gusto niya ang deal na ito. Malaking

puntos kasi iyon para sa kaniya dahil kilala siyang tumutulong sa mga mahihirap na tao rito sa Laguna.

Nang matapos ang kainan ay sinadya kong pumunta sa pool. Batid kong nakamasid sa 'kin si Randall. Kaya naman hindi na ako nagulat nang sumulpot siya sa aking tabi.

"Thanks for tonight," bungad niya, ngumiti agad ako. **"Natuwa talaga ang pamilya ko sa pagbisita ninyo."**

"Mm, salamat din sa magandang pakikitungo ninyo sa aming pamilya."

"Napakapormal mo parati kung makipag-usap sa 'kin, naiilang ako, bro, hehehe!"

"Nakasanayan ko na, Randall."

"It's okay, it's just that, I can't see it in your age. Hindi ko lang siguro nakasanayang makitungo nang pormal sa mga halos kaedad ko lang naman."

"Well, kailangan mo nang masanay," sabay pa kaming natawa. **"Dito rin ba kayo naglalagi ng iyong asawa?"**

"I have a house of my own. It was a gift given by my father after my pre-med." May pagmamalaki ngunit hindi nagyayabang ang kaniyang tono. **"Doon kami nakatira ni Dein kasama 'yong baby naming si RD."**

"I see, bumibisita ka na lamang dito kapag may ganitong okasyon?"

"Ang totoo, kahit walang okasyon ay bumibisita kami dito. Gusto kasi ni Tita Lacey na parating nakikita si RD."

"Ang pinagkakaabalahan ng mga biyenan mo ay ang medical mission, 'di ba?" usisa ko, tumango siya. **"Maganda ang project na 'yon."**

"Marami rin silang natutulungan. No'ng huli nga ay nagpunta silang Palawan para ro'n, marami silang natulungan kaya naman tuwang tuwa sila."

Palawan... Hm... nawala sa isip ko ang mga pangyayari sa Palawan. Ang napakagandang isla sa Palawan. Itinago ko ang nakakalokong ngising kumawala sa aking labi.

"Sumama ka ba sa kanila ro'n?" Muling pag-uusisa ko.

Napangiti agad siya. **"Sa medical mission ay hindi. Pumunta ako ro'n sa ibang dahilan. Nasira nga lang nang hindi inaasahan."**

Hindi mo talaga aasahan ang mga kilos namin, hindi mo kailanman iyon malalaman.

"Hindi ko na tatanungin, mukhang confidential ang bagay na iyan," kunyaring paggalang ko. Tinanaw ko ang kaniyang kapatid na kasalukuyang tinitingnan ang mga halamang nandoon at isa-isang inaamoy. **"Ilang taon na ang kapatid mo?"**

"Magdodose na siya ngayong taon."

"Napakalaki ng inyong agwat."

"Halos kalahati ng edad ko, hehehehe. Pero kung minsan ay mas matured pa siya kung mag-isip sa 'kin."

"Hindi na ako magtataka, napakaseryoso niya at malayo sa iyong personalidad. Naaalala kong minsan ko siyang nakasalubong, nginitian ko siya ngunit tinanguan niya lamang ako."

Nilingon niya ang kapatid habang tumatawa, nakangiti naman akong lumingon din doon. **"Pero teka... paano mo namang nakasalubong ang kapatid ko?"**

"Nakita ko siya sa primary campus habang naglalakad ako sa hallway nang minsang dumako ako sa secondary campus ng SIS."

"I see, kilala mo na pala ang kapatid ko kung gano'n?" Bagaman natatawa pa rin ay seryoso siya sa kaniyang tanong, hindi ko naiwasan ang mapaisip. **"Sa pagkakatanda ko ay ngayon ko lang naman siya naipakilala sa 'yo."**

Tumiklop ang mga labi ko. *Hindi ka nag-iingat sa bibig mo, Sin. Tsk tsk tsk.* Matapos makapag-isip ay ngumiti ako. **"Hindi lang kasi isang beses na makasalubong ko ang batang iyan, mga tatlong beses na sa tingin ko. Ngayon ko lang nalamang kapatid mo pala siya,"** pinilit maging kaswal at kalmado, mukhang kumbinsido naman siya sa aking sinabi.

"Masungit talaga siya. Sa akin lang niya ipinapakita ang pagkamasayahin niya. Lalo siyang sumungit nang mawala ang daddy namin pero lalong naging matured ang isip niya." Bagaman nakangiti ay may lungkot sa kaniyang mga mata. **"Nakakatuwang isipin na siya pa 'yong unang naka-move on sa 'min. Siya 'yong nagpapatahan sa mommy namin kapag hindi ito mahinto sa pag-iyak. Kakaiba ang batang 'yan."**

"Hindi nakakapagtaka kung bakit mahal na mahal ninyo siya."

"That's true," sinsero siyang ngumiti, tanaw ang kapatid. **"I'll do everything for him. Pero dahil nga may pagkamasungit siya ay ayaw niyang nakikitang sweet kami sa kaniya o di kaya naman ay emosyonal. For him, that's awkward. Tsh."**

"Nakakatuwa. Sana ay may kapatid din akong gaya niya."

"Babae nga pala 'yong bunso ninyo, 'no?"

"Namatay pa."

"Sorry to hear that, bro."

"It's okay, nasanay na rin naman kami," nakangiti kong tugon.

"Matindi talaga ang epekto ng mga bullies sa kanilang mga target, tsk tsk tsk," umiiling pang aniya. **"Ngayon lang ako nakarinig nang ganiyang kaselan na kwento. Iyong umabot sa puntong nag-suicide ang victim."**

"Hindi kasi alam ng mga alaskador na iyon kung ano ang epekto ng kanilang ginagawa sa buhay ng isang tao. At mas lalong hindi nila alam kung ano ang pakiramdam nang mawalan ng mahal sa buhay nang dahil sa kanilang pagti-trip."

"Kaya 'yong misis ko ay galit na galit sa kapatid niya sa t'wing mambu-bully. Parati niyang sinasabihan si Deib Lohr na tigilan na ang pambu-bully."

"Wala namang napahamak gaya ng kapatid ko sa mga b-in-ully ni Deib Lohr?"

Ngumiwi siya. **"Wala naman...sana. Wala akong nabalitaan pero wala naman sana."**

"Sana nga. Napakahirap para sa isang pamilya ang mawalan nang isang importanteng tao nang dahil lang sa walang kuwentang tao." Hindi ko naiwasan ang pait sa aking tono, natunugan niya naman iyon kaya kinailangan kong ngumiti. **"Sana nga ay tinigilan na nang tuluyan ni Deib Lohr ang pangbu-bully."**

"Nang ma-in love siya ay mukhang tinigilan niya na nga." Tumawa siya sa huli.

"Mabuti kung gano'n."

"*Bueno*, mauuna na kami," dinig kong paalam ni daddy mula sa aking likuran. Nilingon ko siya at nagtama ang aming paningin. **"Let's go, Sin."**

Humarap muli ako kay Randall. **"Salamat sa masarap na hapunan, Randall. Nag-enjoy ako sa mga inihain ninyo maging sa kwento."**

Tumatawa niyang tinapik ang balikat ko. **"You're welcome, Sin, bro. But please stop being too formal and polite? It makes me feel old!"**

Humalakhak din ako. **"Sisikapin kong gawin 'yan."**

Nagpaalam kami sa lahat. Palibhasa'y masyadong accommodating ang pamilya ng mga Enrile, inihatid nila kami sa labas.

"Sana ay maulit ang salu-salo nating ito, Chairman Rewis," nakangiting ani Chairman Enrile habang nakikipagkamay muli sa aking ama.

"Hindi ko masasabing hindi, Chairman Enrile. Masarap ang inihain ninyong hapunan para sa amin. Salamat."

"Oh, talaga namang napakasarap kung magluto ni Lacey."

"Kaya naman walang dahilan upang tumanggi sa iyong imbitasyon," nagtawanan silang pareho bago tuluyang lumulan sa kotse si daddy. **"Salamat muli, hanggang sa susunod."**

"Mag-iingat kayo sa inyong biyahe at salamat din Chairman Rewis."

"Mag-iingat kayong parati," nakangiting tugon ng aking ama bago tuluyang isinara ang bintana. Bagaman walang ibang ibig sabihin iyon sa mga kausap ay alam ko ang nais niyang iparating.

Nakipagtanguan lang ako sa lahat, lalo na kay Randall, bago ako tuluyang umalis sa lugar na iyon. Doon ko lamang nagawang ilabas ang namuong bigat sa aking dibdib.

Sana pala ay nag-iwan ako ng bomba sa bahay na 'yon para sabay-sabay na silang natutupok ngayon.

Napapikit ako nang dahil sa masama kong isipin. Pero kung ako ang tatanungin ay hindi talaga ako magdadalawang-isip na gawin iyon. Ganoon talaga kalaki ang galit namin sa kanilang pamilya.

Nang makauwi ay naupo kaming lahat sa service area. Tinanaw ko agad si Chairman, madilim ang kaniyang mga mata habang niluluwagan ang suot na coat at neck tie.

"Chairman, huminahon po kayo, pakiusap." Hindi naitago ni Christian ang pag-aalala sa humahangos na si daddy. **"Baka makasama ito sa inyo."**

"Gusto kong barilin sa harap ng kaniyang pamilya ang pamosong Chairman Enrile na iyon."

"Dad, please..," pakiusap ko habang nakaharap sa kaniya ang isang kamay.

"Nanunuot sa aking dugo ang galit sa tuwing hahalakak siya! Paano niyang nagagawang tumawa sa kabila ng kaniyang kasamaan?"

"Lingid sa kaniyang kaalaman ang kanilang nagawa sa atin."

"Ngunit hindi natin iyon kasalanan!"

"Hindi ko naman sinabi ang ganiyan, dad, please calm down. Makasisira sa plano natin ang galit ninyo," mahinahon kong pakiusap.

Bagaman nanlilisik pa rin ang kaniyang mga mata ay pinilit niyang kumalma. **"Hindi ba't mas magandang ganti iyong maging matagumpay ang ating plano sa huli?"**

"Hindi ko mapigilan ang magalit, Cargosin."

"I know, dad. Ganiyan din ang nararamdaman ko, namin. Hindi ko maiwasang magalit sa t'wing maririnig kong humahalakhak ang Chairman na iyon. Pero isinasaisip ko ang ating plano, masisira natin iyon sa isang maling kilos at desisyon."

"Alam ko."

"Kaya nga huminahon kayo, dad."

"Ngunit isang bagay ang nais kong gawin mo ngayon, Cargosin at kakailanganin mo ang tulong ni Christian."

"Dad?"

"Gagawin mo iyon sa ayaw mo at sa gusto, Cargosin."

"Pero, dad—"

"Wala nang pero-pero! Kapag sinabi kong gawin mo ay gagawin mo!" bulalas niya na siya namang ikinabigla namin ni Christian. Napabuntong-hininga na lang ako. **"Iyong apo niyang buyo."**

"Si Deib Lohr?"

"Oo, si Deib Lohr. Isama ninyo siya sa plano. Sirain mo ang buhay ng batang iyon," matalas ang paninging aniya. Hindi ko magawang magulat dahil nagustohan ko ang utos niya. **"At sa araw ng Martes, matapos ang klase mo ay takutin mong muli si Chairman Enrile. Gusto kong patamaan mo siya sa paa."**

"Dad?"

"Magsisimula na tayo," mariing aniya 'tsaka tumayo at naglakad patungo sa kaniyang kuwarto.

Nagkatinginan kami ni Christian. Bagaman nagulat kami ay hindi namin parehong magawa ang tumanggi. Akala ko ay nadaan ko sa pakiusap ang aking ama, na naintindihan niya ang sinabi ko. Ngunit nagpadalos-dalos pa rin siya sa desisyon.

Ngunit wala na kaming magagawa. Kasama sa plano namin ang kaniyang hudyat kung kailan kami magsisimula at sa kaniya na mismo nanggaling iyon.

It's payback time.

"Kikilos tayo nang wala si Taylor, hindi ako sanay," mahinang ani Christian dahilan upang matinag ako sa pag-iisip. Napabuntong-hininga ako

nang masilayan ang lungkot sa kaniyang mga mata. **"Pakiramdam ko ay kulang na kulang tayo ngayong wala siya."**

"Ganiyan din ang nararamdaman ko pero hindi tayo pwedeng magpadalos-dalos, hindi makakabuti sa atin. Wala tayong sapat na panahon para isalba si Taylor. Susundin natin ang sinabi ng Chairman. Sa araw ng Martes ay magtatrabaho tayo. Sapat na siguro ang impormasyong nakuha natin kanina. Dadalaw si Chairman Enrile sa BIS sa araw na 'yon at doon tayo kikilos," mahabang paliwanag ko. Hindi na tumugon pa si Christian at batid kong wala na siyang magagawa kundi ang bumuntong-hininga na lamang.

Patas na laban, Chairman Enrile. Masasaktan ang mga dapat na masaktan. Iyon nga lang, kung may madamay ay pasensiyahan.

~To be Continued. . . ~

OceanofPDF.com

CHAPTER 181

DEIB'S POV

TULALA KONG binalikan sa isip ang nangyari kanina. Nang dahil do'n ay nakagawa ako ng panibagong pagkakamali kay Taguro. Nasapo ko ang sariling noo nang maisip ang katangahan.

Naiwan ako sa classroom matapos ang klase. Hindi ko kasi namalayang nailabas ko ang lahat ng aking materials, palibhasa'y bigay na bigay mag-participate sa discussion.

Masaya ako sa magandang resulta ng paghihirap ko sa araw na ito. Ako kasi ang pinakamataas sa lahat ng quiz, recitation, seatwork at workbook exercises, sa lahat din ng major subjects ko. Syempre, panay ang papuri ng mga professors, at lahat sila ay sinasabing babanggitin ito kay lolo kahit pa tumanggi ako.

Dederetso na sana ako sa locker area nang muling matigilan dahil natanaw ko si Eerah Anitha kaharap ang asawa. Sa hitsura nila ay mukhang meron silang pinagtataluanan.

Dito pa talaga nila napiling mag-away? Tch!

"I'll take you home," ani Lovemir, dahilan upang matinag ako.

"No, kaya kong umuwi mag-isa."

"I know. Pero kaya mo rin naman kung ihahatid kita, hindi ba?"

"Lovemir, I'm tired, please."

"Exactly, Eerah, I know that you're tired. Let me take you home."

"Ano ka ba? Hindi ka ba makaintindi?"

"'Wag kang sumigaw rito."

"Sisigaw ako kung kailan ko gusto! Ang kulit mo!"

"Because we need to talk."

"Hindi ba't sinabi ko naman na sa 'yong pupuntahan kita kapag handa na akong makipag-usap?"

"Pero ang tagal ko nang naghihintay, Eerah."

*Ah...Ganito pala ang relasyon nila sa isa't isa.*Nakangiwi akong tumango.

"You're not going to run away again, aren't you?" asik muli ni Lovemir. Nag-iwas naman ng tingin si Eerah Anitha. **"Kailan mo ba ako kakausapin nang maayos, Eerah? 'Wag mo naman akong bale-walain ng ganito."**

"I'm tired of listening to you. Paulit-ulit na lang ang sinasabi mo kahit pa paulit-ulit din ang sagot ko. Ikaw? Kailan mo ba balak na tigilan itong ginagawa mo? Give yourself a break, Lovemir, I've had enough of you, and I have moved on. Sorry, I just can't talk today."

Ibig bang sabihin nito ay hiwalay na sila?

"Napapagod ka na ba sa 'kin?" Sinikap maging kaswal ni Lovemir ngunit nabigo siya. Nabasag ang tinig niya, pipiyok na. Natinag si Eerah at napatitig sa asawa. **"Kaya ba ganyan kadali para sa 'yong sabihin lahat nang 'yan ay dahil...napapagod ka na sa 'kin?"**

"Oo," mariing tugon ni Eerah. Napalunok ako sa sobrang deretso niyon. **"Napapagod na ako masyado na wala na akong ibang choice kung hindi ang huminto. Pero huminto ako hindi lang dahil sa napapagod ako, kundi dahil wala na rin akong nararamdamang pagmamahal sa 'yo."**

Aw...

"I am so tired of running away from you, when will you understand that? Huh? There is no amount of sleep in this world could cure the tiredness that I feel right now, Lovemir. I am so tired of you. You can never change how people feel about you, so stop trying. Just live your life and be happy. Please?" Umaapaw ang emosyon sa tinig at mga mata ni Eerah Anitha.

"Eerah, please...I'm begging you." Nagsusumamo ang tinig ni Lovemir. Kung pribadong lugar lang ito nasisiguro kong lumuhod na siya.

"No, Lovemir, magmakaawa ka sa sarili mong tigilan na ito." Halos makiusap si Eerah upang makaintindi ang asawa. **"Maawa ka rin sa sarili mo dahil nagmumukha ka nang kawawa."**

Nakakalusaw ang sitwasyon na ito. Parang hinihila nila ang kaluluwa ko papalayo sa aking katawan 'tsaka dahan-dahang tinutunaw. May kung anong haplos sa dibdib akong nararamdaman habang pareho silang tinitingnan at pinakikinggan. Kahabag-habag ang sitwasyong ngunit hindi ko malaman kung kanino papanig. Pakiramdam ko ay pareho ko silang nauunawaan palibhasa'y ramdam ko ang awa at pait mula sa kanilang dalawa.

Bakit ba nakikinig ako sa usapan nilang mag-asawa? Hindi ako nakaka-relate sa mga ganiyang bagay dahil hindi pa naman ako nakapag-asawa! Tch! 'Ayan ang napapala ng mga gaya nilang maagang nag-aasawa.

"Gano'n na lang ba kadali sa 'yong itapon ang lahat ng nakaraan natin?" madamdaming ani Lovemir, dama ko ang pait sa tinig at mga salita niya. **"Sige. Kung gano'n lang kadali para sa 'yong ibasura ang mga 'yon, hindi ako magdadalawang-isip na pulutin iyon isa-isa. Bumalik ka lang sa 'kin."**

Basura? Pupulutin? Ha! Madrama rin pala sila? Tch! Ang baduy! Bakit naman mangongolekta ka pa ng basura kung pwede ka namang maghanap ng iba? Ang tanga-tanga!

Bagaman gano'n ang laman ng isip ko, naaawa pa rin ako kay Lovemir. Nakakainis iyon dahil ang bading ng dating. Pakiramdam ko kasi ay naiintindihan ko ang kaniyang damdamin.

Kung sa 'kin man siguro sabihin ni Taguro ang mga sinabi ni Eerah Anitha ngayon ay paniguradong masasaktan ako.

Tumangu-tango at ngumiwi ako habang nakanganga at nakamasid sa kanila.

Oo. Masasaktan talaga ako. Pero bakit ko naman hahayaan si Taguro na gawin sa 'kin ang mga bagay na ganito? Ha! Ang tanga mo rin, Deib! Minsan...Oo, minsan ka lang talaga tanga dahil kadalasan ay sila na, hehe! Ano kaya ang ginagawa ni Taguro?

"I don't need you anymore, Lovemir." Muli akong natinag nang magsalita si Eerah Anitha.

"You don't need me, but you still love me, right?" umaasa, nauutal na ani Lovemir.

Napabuntong-hininga ang babae. **"Not anymore. I don't love you anymore, Lovemir."**

Aw, nilinaw pa? 'Tibay!

"No, please, Eerah," pagsusumamamo ni Lovemir.

Lumapit siya sa asawa at pilit na humahawak dito. Ngunit panay rin ang pigil at iwas ni Eerah Anitha. Pakiramdam ko tuloy ay nasa palabas kami. At ayaw ko man ay isa ako sa mga gwapong extra, nakikinig na naman sa usapan ng iba.

Hindi naman ako tsismoso, 'di ba? Nagkakataon lang namang narinig ko sila, 'di ba? Tch. Kasalanan naman nila 'yon dahil pinipili nilang parati

'yong lugar na mismong daraanan ko! Tch! Oo, tama! Kasalanan nilang lahat!

"Enough! Ano ba?" singhal ni Eerah sa pagpupumilit ng asawa. Bagaman pinipilit niyang hinaan ang boses sa takot na may ibang makarinig ay hindi siya nagtagumpay. **"Tigilan mo na 'to. Hindi ka ba nagsasawa? Paulit-ulit mo akong hinahabol kahit wala ka naman nang napapala."** Hindi nakasagot si Lovemir, nagbaba ng tingin sa paanan niya. **"Hindi lang ikaw ang napapagod, Lovemir, napapagod na rin ako sa katatakbo papalayo sa 'yo!"**

"Kung gano'n ay magpahinga ka, kasama ako, Eerah. Hindi ako mapapagod sa 'yo, alam mo 'yon. Mahal na mahal kita at hindi ko kayang tanggalin iyon ngayon."

"Paano naman ako? Hindi na tulad nang sa iyo ang nararamdaman ko!"

Grabe...Tsk tsk tsk...

Hindi ko inaasahang posible kong masaksihan ang ganitong bagay. Masakit talaga sa dibdib at totoong nakakabading. Ako man sa posisyon ni Lovemir ay hindi ko na magagawang magulat. Dahil panay sakit na lang panigurado ang idudulot sa 'kin ng mga gano'ng salita.

Naaawa ako sa kaniya. Ang galit at selos ko ay sandaling nawala.

"You really have no idea how much you're hurting me, Eerah. Hearing these words coming from you, hurts. It kills me not to have you by my side. It's hard not to be around you and it hurts not to be with you. Pero...ano ang magagawa ko? Mahal na mahal kita, Eerah. Mahal kita nang higit pa sa kaya kong iparamdam sa 'yo. And you're the pain that I can never give up." Emosyonal at talagang nangingilid ang mga luhang ani Lovemir.

Sandaling katahimikan ang nangibabaw. Tila pareho nilang pinagpahinga ang puso't isip. Kakaiba ang pakiramdam. Nauunawaan ko silang pareho. Nakakalungkot at nakapanghina ng tuhod ang palitan nila ng salita.

"There are two kinds of pain in this world, Lovemir. One is the pain that hurts you and the other is the pain that changes you. Pain is a part of life. That's the problem in loving, it will let you experience pain. I'm not the same person you've loved before. The pain that you've caused made me change. Instead of asking me to come back to you, why don't you just go back to your old life where you only care about yourself? Your energy makes me tired, Lovemir. Nakakapagod ka nang layuan

kaya sana ay huminto ka na sa kahahabol sa 'kin. Dahil hinding-hindi na kita babalikan."

Hindi ko inaasahang matapos sabihin iyon ay babaling sa gawi ko si Eerah Anitha. Awtomatiko tuloy akong humarap sa mga locker. Kabado.

Nakita niya kaya ako? Hindi naman siguro...tsk!

Ilang minuto akong nanatili sa gano'ng pwesto. Natinag na lang nang marinig ko ang impit na hagulgol. Hindi ko man ito tingnan ay alam kong si Eerah Anitha 'yon. Mahina pero dinig ko, alam kong malapit siya sa 'kin. Pasimple akong sumulyap upang alamin kung nandoon pa si Lovemir. Ngunit kamalas-malasang nagkaharap ang parehong mukha namin ni Eerah.

"Wala akong narinig! Wala talaga!" awtomatikong pagtanggi ko. Pinagkunutan niya ako ng noo. Noon ko lang napagtantong locker niya ang nasa harap ko. **"Hindi naman lahat ay narinig ko."** Ngumuso ako. Hinarap ko siya nang mapansing wala na si Lovemir.

Inalam ko ang lagay ni Eerah Anitha matapos no'n. Ngunit mukhang minasama niya iyon. Tuloy ay nasigawan niya ako. Napapagod na raw siyang magsinungaling kaya tigilan ko na ang katatanong kung ayos lang siya.

Kapag masama ang loob, bawal tanungin? Tch!

Iyon ang sandaling naabutan at nasaksihan ni Taguro. Nasapo ko na naman ang sariling noo. 'Ayun ako at nakikiusyoso sa usapan ng iba, nang hindi namamalayang ang sariling mundo ko ay nasa likuran ko na.

Sa kagustuhan kong 'wag nang maulit pa ang pagkakamaling nagawa ko no'ng huli ay pinili kong iwasan si Taguro. Hindi ko maintindihan ang sarili ko kung bakit nahulog ako sa ganitong klase ng desisyon. Nalulungkot din ako dahil pakiramdam ko ay ako ang pinakanahihirapan. Sa t'wing hindi ko siya makikita at makakasama, parang maluluha akong parati. Dahil bukod sa 'kin ay walang ibang nakakaalam kung gaano akong nasasabik na makasama siya.

Pero kailangan kong magtiis. Hindi niya nagustohan ang ginawa kong paghalik sa kaniya no'ng huli. At nasisiguro kong nagalit siya kahit ayaw niyang ipakita.

Hindi ko maipaliwanag ang matinding kahihiyan na bumabalot sa 'kin. Wala akong lakas ng loob para harapin siya ngayon. Pakiramdam ko ay sa loob ng ilang minuto ay nawala ang respeto ko sa kaniya nang dahil sa isang halik. Nagawa ko siyang bastusin sa pagiging mapusok ko at inosente sa mga bagay.

Hindi pa siya handa sa ganitong bagay. Hindi rin naman ako pero bakit ganito ang nararamdaman ko?

Hindi ko maiwasang magalit sa sarili. Alam ko namang mali pero may kung ano sa loob kong nagpupumilit na gawin 'yon. Meron sa loob kong kusang nagsasabi sa 'kin na gawin 'yon. Dahil gusto ko nang higit pa sa halik, bagaman alam kong hindi tama. Para bang may abnormal na halimaw sa loob ng katawan ko no'ng oras na 'yon kaya gano'n ang naging aksyon ko.

Tuloy nang makaharap ko siya ay parang dinurog na naman ang puso ko. Nang sabihin kong hindi ko siya masasamahan na mamili ay agad na bumalatay ang lungkot sa kaniyang mukha, mas dinurog niyon ang puso ko. Kanina ko pa siya gustong-gusto na makita sa totoo lang. Kailangan ko lang talagang tiisin. Dahil kung hindi ay ako mismo ang bubuwag sa plano ko. Kanina ko pa rin nabasa ang text niya, nang sandaling matanggap ko iyon. Pero nagsinungaling ako at sinabing hindi ko iyon napansin. Gusto kong magtanong tungkol sa tour nila bukas. Gusto ko ngang sumama kung posible pero alam kong hindi. Ngunit iniwasan ko na rin dahil ayaw kong ipakita sa kaniyang nasasabik na naman akong makita at makasama siya.

Ako ang naunang tumalikod kay Taguro. At hindi ko iyon matanggap. Labag na labag iyon sa aking kalooban. Pero wala akong ibang paraan para siya ay maiwasan. Gusto kong maging matagumpay sa planong ito. At kung hahayaan ko lang siya sa harapan ko ay hindi mangyayari 'yon. Presensya niya ang pinakamahirap iwasan.

Saan naman ako pupunta nito?

Wala na akong klase. Nagsinungaling lang ako. Hindi pa ako pwedeng pumunta sa kotse dahil paniguradong nandoon pa sila ng mga kaibigan niya.

Gusto ko pa naman siyang makitang nakasakay sa motor niyang bago ang hitsura. Tsk!

Ngumuso ako nang todo at tumingin sa relos.

Marami naman akong gagawin mamaya, eh, paniguradong matutuon doon ang buo kong atensiyon.

Pinalipas ko ang oras bago tuluyang lumabas. Panay ang paglinga ko, inaalam kung may bakas ni Taguro. Ngunit sa kalilinga ko ay iba ang natanawan ko.

"Hey," wala sa sariling naisambit ko.

Agad siyang ngumiti matapos magulat sa aking presensya. **"Deib Lohr Enrile,"** ngiti nito.

Tumango ako. **"Sin, what are you doing here?"** Sinikap kong maging kaswal. Ayokong masamain niya ang tanong ko. Nakakailang ang magandang ngiti niya.

Siguro ay naka-duty siya sa BISH? But he's not wearing his duty uniform. Weird.

"May dinaan lang," ngiti niya. **"I'll go ahead, it's nice to see you. Take care."** Nagmamadali siyang kumaway at naglakad palayo.

Nakanguso kong tinanaw ang kawirduhan niya. At nang mawala siya sa aking paningin ay saka ako iiling-iling na bumaling sa kotse.

Ngunit muli akong natigilan nang si Lovemir naman ang masulyapan ko. Papasakay na siya sa itim niyang kotse. Halatang hindi niya ako napansin kaya dere-deretso.

Tch. Napakaliit na ba ng mundo at 'yong mga taong hindi inaasahan ay nakikita at nakakasalubong ko? Tsk.

Sandali akong nakipagkwentuhan kay mommy nang makauwi. Matapos magpahinga at maligo ay bumalik ako sa pag-aaral.

Hindi pa man ako nakararami ay agad nang pumasok sa isip ko si Taguro. Kinuha ko ang cell phone at napangiwi nang makitang hindi man lang siya nag-text.

Hindi mo alam kung gaano kang kahirap na tiisin! Tch! Ano naman kaya ang pinaggagagawa niya at hindi niya man lang ako naiisipang i-text? Nakakabugnot!

Gusto ko siyang i-text para kumustahin. Pero mas gusto ko siyang tawagan. Gusto ko siyang makausap at makakwentuhan. Gusto ko siyang kulitin hanggang sa mapikon siya sa 'kin. Gusto kong malaman ang ginawa niya sa buong maghapon at kung kumusta ang kaniyang klase. Gusto kong malaman kung gaya ko ay naiisip niya rin ba ako. Gusto kong tanungin kung gaya ko ay napapangiti rin ba siya t'wing may maaalalang alaala naming dalawa. Gusto kong malaman kung excited siya para bukas, kahit na ngayon pa lang ay nasisiguro ko nang hindi, dahil gano'n kawirdo ang ugali niya. Gusto kong siguruhing hindi siya tatabi sa iba at makikipag-usap kung kani-kaninong lalaki kahit pa may asawa na ito.

Tch. Si Lovemir lang naman ang kaklase niyang may asawa kaya 'wag ka nang magkaila! Oo, ayaw ko pa ring tumabi at makipag-usap siya sa Lovemir na 'yon. Tsk. Kahit pa nakakaawa ang sitwasyon niya kanina?

Napanganga ako. **"Grabe, tsk. Kung sa akin sinabi 'yon paniguradong naluha na ako sa harap ni Taguro."** Nakanguso kong inalala ang nangyari, lalo na ang mga sinabi ni Eerah kanina. **"Ang bibigat ng mga linya nila, tsk tsk. Siguro ay gano'n talaga kalalim ang naging sugat sa mga puso nila?"** tumangu-tango ako.

Nakakapanibago talaga ang Eerah Anitha na 'yon kanina. Malayong-malayo sa malanding nakasanayan ko. Ni minsan ay hindi ko naisip na posibleng dumating ang isang araw na makikita ko siyang umiiyak dahil nasasaktan. Buong akala ko kasi ay wala siyang alam kundi ang maglandi at maghabol sa lalaking matipuhan niya.

Ano ang gagawin mo kung sa 'yo ginawa 'yon ni Taguro?

Nanlaki ang mga mata ko. **"*Andwae*! Hindi pwede! Gusto ko lang siyang iwasan pero ayaw kong kalimutan niya ako. Hindi pwede, hindi ko 'yon matatanggap. Masiyado ko siyang mahal."** Napanguso ako at nainis sa sarili kong isipin. **"Tsk! Bakit mo ba pinag-iisipan nang masama ang puso ko? Tch! Makapag-aral na nga lang!"**

Inubos ko ang oras sa pagbabasa. Walang bagay na hindi ko inalam. Walang pahina akong kinaligtaang basahin. Nakakalibang pa rin naman lalo pa at interesado talaga ako sa mga inaaral ko. Lahat kasi nang iyon ay walang kinalaman sa Science. May oras na nahihirapan ako ngunit sa huli ay naiintindihan pa rin naman.

Late na nang matapos ako. Naramdaman ko agad at pabagsak na nahiga.

Grabe, iba ang pagod sa katawan kapag utak ang ginamit!

Ngunit kapipikit ko palang ay tumunog na ang cellphone ko. **"What? It's late at night!"** inis kong sagot, hindi na nag-abalang tingnan kung sino ang tumatawag.

"Sorry," nangibabaw ang tinig ni Taguro.

Awtomatiko akong bumangon. **"Babe,"**nagugulat, napapahiya kong sambit. **"Sorry, babe. Hindi ko alam na ikaw pala 'yan."**

"You're not texting me," malungkot ang boses niya. May kung anong gumuhit na sakit sa dibdib ko. **"Gusto ko lang malaman kung nakauwi ka na."**

"Yeah, kanina pa." Umaasa akong sana ay hindi siya nagtampo.

Kung bakit naman kasi galit ka agad, Deib Lohr? Tsk!

Napakamot ako sa ulo. **"Ikaw? Kumain ka na, babe?"**

"Kanina pa. Ikaw ba?"

"Kumain ako nang marami, babe," masaya kong tugon, pilit pa ring nakikiramdam sa kaniya. **"Sorry, hindi ko na tiningnan kung sinong tumatawag."**

"May iba bang tumatawag sa 'yo?"

"Wala, ah!"

"Bakit hindi mo inasahan ang tawag ko?"

"Hindi mo kasi hilig ang tumawag babe," nakanguso kong sagot. **"Kumusta ang pamimili mo? Excited ka na ba bukas sa tour ninyo?"** pag-iiba ko ng usapan.

"Hindi naman."

"Tch, sinabi ko na nga ba," nakangising tugon ko. **"Ang isang Taguro? Ma-e-excite sa trip kung saan maraming tao? I don't think so,"** natatawa pang dagdag ko. Wala man lang siyang reaksyon. **"Marami ka bang pinamili? 'Wag kang magpapagutom do'n, ah?"**

"Hindi naman 'yon buong araw. Saka malapit lang naman 'yon."

"Kahit pa, masamang magutom ka, Taguro. Umiinit ang ulo mo at posibleng makapanakit ka ng tao," buyo ko.

"Pero kadalasan ay ako ang sinasaktan nila, Sensui."

Natigilan ako sa isinagot niya. Ramdam ko doon ang lungkot. Hindi ko tuloy nagawang sumagot. Pakiramdam ko ay sandaling naglagi ang mga salitang iyon sa pandinig ko. Hindi nagpaulit-ulit ngunit nandoon lang malapit sa sentido.

Ano ang ibig niyang sabihin? May nanakit ba sa kaniya? **"Are you alright, babe?"** wala sa sariling naitanong ko.

"Oo naman, ikaw ba?"

"Ayos na ayos naman ako, babe!" taas-noong tugon ko habang nakasaludo, mukhang tanga na naman, syempre.

"Eh, tayo?"

Natigilan ako ngunit hindi nagpahalata. **"Ha? Anong tayo, babe?"** Sinikap kong huwag mautal.

"Ayos naman ba tayo?"

"Oo naman!"

"Mabuti nang malinaw." Nakahinga siya nang maluwang. **"Tumawag lang ako para kumustahin ka. Magdamag kasi kitang hindi nakasama at nakausap nang maayos kaya tumawag ako."**

"Tch! Napakarami mong sinasabi. Bakit hindi mo na lang amining nami-miss mo 'ko, Taguro? Normal 'yon sa tao at hindi mo dapat na

ikahiya lalo pa at boyfriend mo ako."

"Nakakahiya kasing ma-miss ang isang taong hindi ka naman nami-miss."

"Anak nang..," naibulong ko. **"Babe naman?"**

"Oh?"

"Nami-miss naman kita, ah?"

"Ah, talaga? Hindi ko maramdaman."

"Babe? Nami-miss kita! Naging busy lang talaga ako sa pag-aaral ko. Bakit mo naman naisip na hindi kita nami-miss, babe?"

"Because I deserve a phone call," mariing tugon niya. Diin na pilit itinatago ang pait at lungkot.

Natigilan ako at parang binatukan. Simpleng linya lang iyon pero pakiramdam ko ay masyadong malaman at ang daming gustong isumbat.

Ibig bang sabihin nito ay hinihintay niya ang tawag ko?

Nakonsensya ako. Pakiramdam ko ay may obligasyon akong hindi nagawa sa araw na 'to. Para bang ilang linggo ko na tuloy siyang hindi nakita at nakausap. Tuloy ay iniisip ko kung tama ba ang desisyon kong iwasan siya. Nalilito ako dahil alam kong naninibago siya.

"Tatawag na sana ako sa 'yo, babe, naunahan mo lang ako," wala sa sarili, napapapikit pang pagsisinungaling ko. Maging ang sarili kong kasinungalingan ay hindi ko malunok.

Umungol siya bilang tugon. Halatang hindi siya kumbinsido. Kinabahan ako.

"Marami kasi akong binasa at inaral, babe. Napagod ang utak at katawan ko pero bago matulog ay plano talaga kitang tawagan," paglilinis ko sa naunang kasinungalingan, umaasang mababago no'n ang mood niya. **"Kaso hindi ko kinaya. Pagkahiga ko kasi ay nakaidlip na agad ako."**

Kapag ganiyan siyang makitungo sa 'kin ay kinakabahan na agad ako, tsk!

"It's okay. Tumawag lang ako para kumustahin ka at alamin kung nakauwi ka na. Hindi ko kasi alam ang schedule mo," malamig ang tonong aniya.

"Are you mad?"

"May dahilan ba para magalit ako?"

"Wala!" defensive kong sagot. Tumahimik ang linya niya. **"Ibig kong sabihin, wala,"**kalmado nang sagot ko. **"Baka kasi nagtatampo ka dahil**

hindi ako nakatawag."

"No. Hindi pa naman gano'n kakitid ang utak ko."

"Wala naman akong binanggit na ganyan, Taguro."

"Ako, meron, Sensui."

"Babe?"

"Matulog ka na. May klase ka pa bukas, hindi ba? Maaga rin ang tour namin kaya kailangan ko nang matulog."

"Babe, akin ka lang, ah?" naniniguro kong tanong, hindi siya nagsalita. **"Kay Parrot ka tumabi, babe, ah? Bawal kang tumabi sa iba, baka matuluan mo sila ng laway."**

"Hindi ako gano'n, Sensui."

"Oo nga, babe, baka lang naman."

"Tatabi ako kung kanino ko gusto."

"Babe?"

"Bakit kapag ikaw ay pwede? Bakit kapag ako na ay hindi?"

"Ang alin, babe? I love you, babe," nang-uuto ang tonong tanong ko.

"Tss. Sige na, matulog ka na. Lutang ka na naman, eh."

"Babe?"

"Oh?"

"Akin ka lang, ah?" Lalo akong ngumuso at sumimangot nang hidni siya magsalita. **"Answer me, babe!"**

"Matagal nang tayo."

"Tsk! Sabihin mo sa 'kin na akin ka lang."

"Ayaw."

"Babe naman?"

"Tss, bading."

"Sabihin mo na."

"Ayoko nga."

"Badtrip! Mag-effort ka naman, babe,"biro ko.

"Wow," bulong niya. Paniguradong naaasar na siya. **"Ako pa ang walang effort, ah? Tss. Nice."**

"I was just joking, babe," malambing kong sagot. **"Ibig kong sabihin ay mag-effort kang magsalita. Gusto ko lang marinig na sabihing mong, '*oo, babe, sa 'yo lang ako. Mahal na mahal kita at ang mga lumilipad mong puso*.' Gano'n, babe, hehe."**

"Sige na," bumuntong-hininga siya, seryoso at hindi mabiro. **"Matutulog na ako. Good night."** Ibinaba niya ang linya matapos sabihin

'yon.

Napapamaang kong tinitigan ang cellphone. Bigla akong kinabahan.

Dati naman ay natatagalan niya ang mga kakornihan ko. Tch.

Hindi ko na sinubukang kulitin siya. Nakatulugan ko ang kaba at pag-iisip.

Pakiramdam ko tuloy kinabukasan ay puyat ako. Tirik na ang araw pero inaantok pa ako. Pinilit kong kumilos at naghanda papasok. Hapon pa ang klase ko pero may kailangan akong ipasa na reaction paper.

Nakatanggap ako ng text mula kay Taguro nang makarating sa BIS. Sinabi niyang paalis na sila. Pumunta ako sa secondary ngunit wala nang naabutan.

Tch! Wala man lang smiley at I love you! Napaka-sweet mo talaga, Taguro!

May text din akong natanggap mula kay Lee na sinasabing sabay kaming mag-lunch. Pero iyong kay Tob ang nakapagpakunot sa noo ko.

One Message Received

From: Tob

I miss you, 'dre! Alam mo na ba ang issue? May tour ang seniors ng secondary ngayon. Excited si Michiko kasi si Parrot ang katabi niya. Tapos sa likod niya ay sinabi BJ at Migz. Hehe! Ang balita ko ay lalaki raw ang katabi ni Taguro, dre! Kumuha ka muna ng lubid bago ka magbigti. I love you, 'dre! J

08:20AM

Sira-ulo ka, Tob! Nag-init ang ulo ko. *Paniguradong si Lovemir ang tinutukoy ng lokong 'to. Tsk! Ang tigas talaga ng ulo ng babaeng 'yon. Sinabihan mo na at lahat, nagmagaling pa rin. Wala kang konsensya, Taguro. Tch! At ang lalaki namang 'yon, salawahan! Kahapon lang ay kung ano-ano ang panunuyong ginawa niya sa asawa niya 'tapos ngayon ay tatabi siya sa babaeng may boyfriend na? Tch! Kaya ka naman pala iniiwan ng asawa mo, eh!*

Nawalan ako ng gana dahil sa text ni Tob. Nakapanghihina ang panlulumo ko. Hindi ko pa man nagagamit ay pagod na ang utak at katawan ko. Kung saan-saang dimensyon na naman naglayag ang isip ko. Gumagawa ng sariling palabas sa posibleng ginagawa ni Taguro.

Wala sa sarili kong narating ang classroom. Nakalutang. Nakapinta sa isip ko ang imahe ni Taguro, kung paano siyang nalilibang katabi ang Lovemir na 'yon.

Naiisip kong binibigyan siya nito ng pagkaing gustong-gusto niya. Iyong hindi maalat at walang keso. Sa isip ko ay nakalabas ang mapuputi niyang ngipin sa pagtawa dahil sa mga baduy na biro ni Lovemir.

Ang lalaki namang iyon ay mapagsamantala. Magkukuwento siya ng interesante at aakitin si Taguro sa mga nalalaman niya. Dahilan upang matuon sa kaniya ang buo nitong atensiyon.

Sa isip ko rin ay tatayo siya upang lakasan at itutok nang todo ang aircon kay Taguro. Para lamigin ito at yumakap sa kaniya sa huli.

Nanlaki ang mga mata ko. *Maldo andwae! Ha! Bakit mo ginagawa sa 'kin 'to, Taguro? Para sa isang araw na pag-iwas at hindi pagsamang mag-grocery sa 'yo? Wala kang utang na loob! Mandurukot ng puso!*

Kunot-noo akong ngumuso. Wala pa man akong naririnig ay nababasag na ang sako ng aking puso. Masama ang loob ko dahil naaalala ko at malinaw sa isip kong sinabihan ko siya kagabi.

Hindi na naman siya nakinig sa 'kin. Sinabihan ko na siyang kay Parrot tumabi, kay Lovemir pa rin. Tch!

Napanganga na naman ako at napaisip, ipinilig ko pa ang aking ulo at tumitig sa salamin ng bintana.

Ibig bang sabihin no'n ay ayos lang sa kaniyang tumabi si Lovemir? Iniisip niya bang ayos lang sa 'kin na gawin niya 'yon dahil may asawa na 'yong tao? Gano'n ba talaga siya katanga? May asawa man 'yon o wala, hindi siya pwedeng tumabi ro'n dahil baka ma-in love siya! Paano naman ako? Mahal na mahal kita, Taguro, kahit na hindi ka taga-Laguna! Mahal kita kahit pa abnormal ka! Tch! Kung hindi lang talaga ako natatakot sa magagawa ko ay hindi ko pipiliing iwasan ka! Tsk!

Muling sumagi sa isip ko ang paraan ko nang paghalik.

Saan ko ba kasi natutunan ang lintik na 'yon?

Sariwa pa sa pakiramdam ko ang init na idinudulot nang ginawa ko sa aking katawan. Aaminin kong gusto ko 'yon. Pero hindi ko maiwasan ang kabahan. Lalo pa at alam kong hindi niya iyon nagustohan.

Kailangan ko talagang gawin 'to, Taguro. Kailangan ko munang lumayo nang panandalian. Hindi ikaw ang gusto kong iwasan kundi ang sarili ko. Gusto kong iiwas ang sarili ko sa mga posibleng magagawa ko.

Nakakalungkot na sa ganitong paraan lang nauwi ang makipot kong pag-iisip. Alam kong maraming paraan pero hindi pumapasok ang mga iyon sa isip ko kaya heto lang ang nagawa ko. Desidido na ako at kahit pa

matatawag itong pagiging makasarili, dahil masasaktan ko si Taguro, gano'n na rin ako, alam kong sa huli ay makakabuti rin ito para sa 'ming pareho.

"What?" Nangibabaw ang tinig ni Eerah Anitha dahilan upang matinag ako.

Oh?

Napalingon ako at nakita kong naka-civilian ito imbes na uniporme. Hapit ang kaniyang asul na palda at lalo niyong ipinakita ang magandang hubog niya. Ang kulay krema niyang blusam ay walang manggas at talaga namang bumagay sa kulay niya. Ipinatong niya lang sa magkabilang balikat ang kulay asul din, pares ng palda, ang kaniyang blazer at hindi na nag-abalang isuot pa sa magkabilang braso. Pamilyar sa 'kin ang brand ng puti niyang sandals, mas lalo siyang pinatangkad nito. Ang magkahalong puti at asul na bag ay simpleng nakasabit sa kaniyang braso at mukhang wala man lang laman. Bagay na bagay rin sa hugis ng kaniyang mukha ang suot na sunglass na may disenyo pang ganoon sa leoppard.

Attractive si Eerah Anitha. Ang totoo ay nililingon siya nang karamihan sa madaanan niya. Pero hindi ako. Gusto ko tuloy isiping wirdo na rin ako. Hindi niya maagaw maski ang isang tingin ko.

*Tch. Dahil gano'n ang epekto ni Taguro.*Napangiti ako.

"Miss Rewis, why are you not wearing your uniform?" mariing tanong ng professor. Doon ko lang napansing hindi pala ako nag-iisa sa classroom.

"I'm going to attend a party after class, sir," mataray nitong sagot, hindi man lang nag-abalang tanggalin ang sunglasses. Napabuntong-hininga na lang ang propesor 'tsaka ikinumpas ang kamay, senyales na pinapaupo na nito si Eerah Anitha. **"Thank you, sir and good morning,"** malamig pang dagdag nito 'tsaka dumeretso sa harapan ko.

Agad na nagsimula ang klase. May kung ano sa 'kin ang naninibago. Dati kasi ay tutok na tutok ako sa pakikinig, interesante man ang subject o hindi, kahit pa walang ginawa si Eerah Anitha kung hindi ang lingunin ako maya't maya. Ngayon ay talagang tutok din siya sa sinasabi ng propesor, panay ang yuko sa t'wing magsusulat. At sa sobrang pagkakatutok ko sa pagbabago niya ay hindi ko namalayang nasa kaniya na lang ang buo kong atensiyon. Mabuti na lang at hindi ako natawag sa recitations.

"That's all for today, you can have your lunch. See you again tomorrow," paalam ng professor sa huling major subject namin ngayong umaga.

Napabuntong-hininga ako, wala yata akong maalala sa mga itinuro niya. Naisip kong magbasa na lang ng libro pagkauwi. Pinanood ko si Eerah Anitha na isilid sa bag ang pula at maliit niyang notebook. Eksaktong pagtayo niya ay nahulog ang pula rin niyang ballpen kaya pinulot ko iyon at iniabot sa kaniya. Nagulat siya.

"Thanks," tila naninibago niyang sabi. Hindi ko nagawang makapagsalita. Naka-sunglass pa rin kasi siya at batid kong hindi niya pa hinubad 'yon mula kanina. **"Why?"**

"Nothing," nakangiwing iling ko.

"Thanks," aniya 'tsaka umastang magpapaumuna sa 'kin.

"'Yong tungkol sa kahapon..," wala sa sariling nasabi ko, nilingon niya ako at hindi nagsalita. **"Hindi ko sinasadyang marinig ang usapan ninyong mag-asawa. Hindi ko rin sinasadyang paulit-ulit na tanungin kung ayos ka lang ba. I'm sorry,"** sinsero kong sabi. Tumitig lang siya sa 'kin. Hindi ko maiwasang mailang dahil hindi ko makita ang mata niya.

"'Wag mo nang isipin 'yon. Ang mga narinig mo ay hindi karapat-dapat ng iyong oras para pagkaabalahang isipin. Salamat." Nakakaloko ang pagiging pormal niya, nangunot ang noo ko. Siya kasi iyong tipo na sobrang arte kung magsalita.

Naiwan akong nakamaang. Talagang nakakapanibago si Eerah Anitha.

Kung no'ng simula pa lang ay ganito na siya, eh, di sana ay wala kaming problema? Tch!

"Deib!" Nangibabaw ang tinig ni Lee pagkalabas ko ng classroom. Nakangiti akong lumingon ngunit mas napangiti ako nang makitang kasama niya si Tob.

"'Dre!" Wala talagang tatalo sa lakas ng boses ni Tob. Hindi ko akalaing mas malaki pa sa 'kin ang ngiti niya. **"'Dre!"** Tumakbo siya papalapit, natawa ako. **"Na-miss kita, 'dre! Payakap nga!"**

"Ulul! Badtrip ka! Bakit gano'n 'yong text mo!" nakanguso kong bungad.

Ngumuso rin ang loko. **"'Yon kasi ang sabi ni Michiko, 'dre! Psh! Iyong si Lovemir daw ang katabi ni Taguro."**

Confirmed!

Nagngitngit ang kalooban ko. Ngayon pa lang ay gusto ko nang hiramin ang kapa ni Lee at lumipad papunta sa Biñan.

"What?" asik ko. Tumangu-tango si Tob, tinapik ako sa balikat. **"Bakit doon siya tumabi?"**

"Dahil wala ka ro'n, 'dre," seryoso, tumatango pa ring aniya. **"Kasi kung nando'n ka, pasakay pa lang ay katabi ka na, 'dre! Psh!"** Inambaan ko siya ng sapak.

Pinagtawanan naman kami ni Lee. **"Para kayong mga sira,"** aniya. Sinamaan ko lang siya ng tingin. **"Come on, Deib. It just so happened that Mr. Ciufan arranged the seats, not Max nor Lovemir's choice. Well, that's what Zarnaih told me when I called her earlier."** Hindi man lang ako nakumbinsi. **"Come on, Deib Lohr. Don't you trust your girlfriend? That's Maxpein, 'dre."**Inilingan ako ni Lee. Gano'n kataas ang tiwala niya kay Taguro.

"I trust her, Lee. Doon ako sa Lovemir na 'yon walang tiwala. Tch."

"Bakit, dahil mas gwapo sa 'yo?" ngisi niya.

Pinandilatan ko siya at nginiwian. **"Hoy, Lee! Bakit ganiyan na karumi 'yang bibig mo? 'Yan ba ang natututunan mo sa pa-business-business mo, ha? Tch!"** Pinagtawanan nila ako ni Tob. **"Mas gwapo,"** nakangiwing bulong ko. **"Nakita mo 'tong mga matang 'to? Kahit sinong babaeng dapuan nito ay napapatili! Paanong nangyaring mas gwapo siya? Eh, tinga-tinga ko lang 'yon! And besides, he's not my girlfriend's type. Tch."**

"Then why are you acting like that?" ani Tob.

"Alam niya namang madalang na madalang akong magselos. Dapat kapag nagselos ako, tumitiklop na siya," maktol ko saka naunang magtungo sa canteen.

"Wow! Ikaw, madalang magselos, 'dre?"humagalpak ng tawa si Tob. **Baliktad na ba ang madalang at madalas ngayon? Eh, parang mas madalas ka pang magselos kaysa makipag-date kay Max, ah?"**

"Ewan ko sa 'yo, ulul ka!"

"Alam mo kasi, 'dre, dalawa lang 'yan, eh!"

Kailan ba siya matatapos sa dalawang 'yan? Tch! **"Ano na naman 'yon?"** singhal ko.

"Una, nagseselos ka dahil wala kang tiwala sa kaniya. Ibig sabihin ay naghihinala ka sa girlfriend mo na posible siyang magloko sa 'yo."

"Hindi, ah! Of course I trust her! Si Taguro pa? Tch! Sa lahat ng babae ay siya ang pinakapinagkakatiwalaan ko. Well, maliban kina mommy at *noona*, syempre. Saka 'yong hitsurang 'yon ni Taguro? Manloloko nang ganitong kagwapo?" Itinuro ko pa ang aking mukha.

"No way, 'dre! No way! Hindi siya kagandahan para mang-iwan nang kagwapuhan!"

"Exactly, 'dre, so why the the hell are you acting like this?" may pinupunto si Tob na hindi ko makuha.

"Basta! You don't understand me, 'dre. Hindi gano'n 'yon. May tiwala ako sa kaniya."

"Psh!"

"Eh, ano naman 'yong ikalawa, ha?"

"Ikalawa, nagseselos ka dahil wala kang tiwala sa sarili mo."

Natigilan ako. Pareho silang nakatingin sa 'kin ni Lee. **"Paanong walang tiwala sa sarili ko?"** nakanguso kong tugon.

Ang inaasahan ko ay biro na naman ang ikalawang choice na ibibigay niya gaya nang nakasanayan ko na.

"Hindi pa ba tiwalang masasabi 'tong sa paningin at pakiramdam ko ay ako ang pinagwapong lalaki sa buong mundo? Tch! Sablay ka rin, eh!" asik ko.

Humagalpak siya ng tawa. **"That's not my point, stupid!"**

"What is it, then?"

"Maybe you're insecure with Lovemir,"seryoso si Tob, hindi ko magawang asarin. **"At natatakot kang baka mahigitan niya ang papel mo kay Taguro, lalo pa at sila ang madalas na magkasama. I can't blame you if you think like that. Kung kayo nga na hindi magkaklase noon at imposibleng magkagustohan ay nagkatuluyan, 'di ba? May mga bagay na mukhang imposible pero nangyayari. Maraming posibleng paraan pero iisa lang ang dahilan. At iyon nga ay dahil wala kang tiwala sa sarili mo,"** mahabang paliwanag niya. **"Ikaw ang mamili, wala kang tiwala kay Taguro o wala kang tiwala sa sarili mo?"**

"Wala pareho!" angil ko saka ngumuso. **"Natural sa taong nagmamahal ang magselos! Hindi 'yon nadadaan sa kung ano-anong paraan dahil kusa iyong nararamdaman."**

"That's true. Pero hindi sa lahat nang oras ay dapat kang magselos," sumabat si Lee. Nilingon ko siya. At sa marumi kong isip ay nililipad ng hangin ang kaniyang kapa dahil nagpapakabida na naman siya. **"Kung parati ka na lang ganiyan sa kaniya ay baka masakal mo siya, Deib?"**

"Bakit ko naman siya sasakalin, eh, mahal ko nga siya? Tch! You don't understand me, 'dre, you're both stupid!" singhal ko. **"Basta sa**

ngayon ay naba-badtrip ako dahil tumabi siya ro'n sa Man in Black na 'yon!"

"Man in Black?" nagtaka si Lee. Humagalpak na naman ng tawa si Tob.

"He always wear things, all black. Ang payat-payat na nga, nag-itim pa. Tch! Pwede na siyang sumama ro'n sa mga nagbabantay sa bahay," nakangiwing dagdag ko, ang mga tauhan ng mga Moon ang tinutukoy.

Nagpatuloy kami sa kwentuhan habang kumakain. Noong una ay masaya dahil iyong mga magaganda at pangit na college experience ang topic namin. Pero nang mabalik 'yon sa kani-kaniyang girlfriend ay doon na muli kami sumeryoso. Lalo na nang mabanggit ko ang dahilan nang pag-iwas ko kay Taguro.

"Ikaw naman pala ang loko, eh!" Bagaman nakangiwi ay halatang seryoso si Tob. **"'Dre, mali talaga ang ginawa mo kahit na ano pang idahilan mo! Psh! Sabihin na nating...oo, nadala ka sa emosyon mo kaya mo nahalikan nang gano'n si Max pero, 'dre,"** halos batukan niya ako. **"Hindi dapat ikaw ang umiwas! Psh! Bading ka ba talaga, ha? 'Wag kang mag-alalang umamin dahil tanggap ko, matagal na, 'dre!"** Alam kong badtrip siya sa 'kin.

"Tsk." Napailing ako at napahilamos sa sariling mukha. 'Ayun na naman kasi 'yong mabigat na pakiramdam sa dibdib. **"Natatakot kasi ako, baka maulit, 'dre. Ayaw ko nang maulit."**

"Eh, di sarili mo ang iiwas mo? Hindi 'yong iiwasan mo na lang basta si Max, 'dre. That's stupid! Psh! Sa ngayon ay hindi pa siya nakakahalatang umiiwas ka dahil magkaiba kayo ng campus. Paano kung dumating 'yong oras na makahalata na siya sa 'yo? Ano ang ipapaliwanag mo?"

"Ang hirap nga kasi, Tob, nahihirapan din naman ako."

"Wala namang nagsabing madali, pero mali ang desisyon mo. Psh! Bakit mo hahayaang si Max ang mag-suffer sa mga maling kilos mo?"

"What should I do, then?"

"Iiwas mo ang sarili mong makagawa nang mga bagay na alam mong makababastos sa kaniya," seryoso talaga si Tob. Nahiya lalo ako. **"Alam mo nang hindi niya nagustuhan kaya 'wag mo nang ulitin."**

"Ang hirap nga, Tob!" Nahihirapan akong ipaliwanag ang parte ko. **"Sa t'wing makikita ko siya, gusto ko na agad siyang halikan. Tsk! Sinasabihan niya akong adik sa halik. At ang mas matindi pa ro'n ay sinasabihan niya akong manyakis!"**

Sinikap manatiling seryoso ni Tob pero hindi niya napigilan. Humagalpak siya ng tawa at paulit-ulit akong dinuro at tinawag na manyak.

"Hey, my girlfriend was just joking when she said that, 'dre," kabig ko.

"But the fact that she can joke around with you like that, means something," seryosong ani Lee. **"She won't joke around without ideas, Deib."**

"I bet her jokes are half meant,"tumatangong ani Tob.

"Or maybe," tinitigan ako ni Lee. Napanguso agad ako. **"She intentionally delivered the warning while smiling, you thought it was a joke."** Bumuntong-hininga si Lee. **"Baka sumosobra ka na nga sa limitasyon, Deib Lohr."**

"Sa halik? Limitado ba dapat 'yon? Tch!"

"Sa edad natin? Oo," nakangiti si Lee ngungit seryoso sa kaniyang sagot. Napabuntong-hininga ako dahil sa hiya. **"Sa personality ng girlfriend mo, hindi ko inaasahang magtataka ka pa, Deib. You're funny."** Doon pa lang siya tumawa, iyong pa-cute niya na namang tawa.

"Sabihin na nating hindi niya nagustohan ang ginawa mo o kaya naman ay nabigla siya, paniguradong nabigla ka rin naman," mayamaya'y ani Tob, nilingon namin siya. **"Pero bakit imbes na kausapin mo siya ay umiiwas ka? Parang hindi ka naman yata patas no'n, 'dre."**

Napabuntong-hininga na naman ako. **"Natatakot nga kasi akong maulit 'yon, na hindi naman malabong mangyari,"** ngumuso ako. **"Believe me, 'dre, I don't plan to do something crazy. I just want to kiss her again and again, never-ending,"**ngumiti ako matapos sabihin 'yon.

"No one's stopping you from kissing her, 'dre. Pero sa 'yo na rin nanggaling na may nararamdaman ka nang kakaiba. Na gusto mo nang higit pa. At alam mong hindi 'yon tama."

"Oo nga."

"That's why I'm telling you, talk to Maxpein. She'll understand you the way we did, 'dre," nangangaral ang tinig ni Tob. Napailing ako, kinakabahan. **"Kaysa 'yong ganiyan na iiwasan mo siya. Mas magagalit 'yon kapag nalaman 'yang baliko mong dahilan kung kailan ipit na ipit ka na. Maraming bagay na magandang sinasabi na sa simula pa lang. 'Wag mong hintaying pumangit ang sitwasyon."**

"Natatakot kasi ako kay Taguro. Pakiramdam ko ay hindi niya ako maiintindihan."

"'Dre, mahal ka ni Max, maiintindihan ka no'n. Mas hindi niya maiintindihan kapag ipinilit mo 'yang baluktot mong desisyon."

Lalo akong nahirapang mag-isip! Naiintindihan ko sila pero nangingibabaw sa 'kin ang kaba.

"'Wag masyadong makitid ang utak mo, Deib. Kapag pinairal mo 'yan ay baka makasama sa relasyon ninyo. Mas magandang pinag-uusapan ang problema kaysa dinadala nang mag-isa," ani Lee.

Ang pag-uusap na iyon ay nagsimula nang seryoso at kamangha-manghang natapos din nang seryoso, dahil nandoon si Tob. Nagpapasalamat ako at meron akong mga kaibigan na gaya nila. Kung hindi ko pa sila nakasama ay hindi ko malalamang kailangan ko na pala ng kausap.

Iyon nga lang, naiipit pa rin ako sa desisyon bagaman paulit-ulit na nila akong pinagsabihan. Sinabi pa ni Lee madali lang daw ang problema ko, kayang solusyunan kung pag-uusapan lang namin ni Taguro.

Pero sadyang wala akong lakas ng loob, Lee, hindi ko kayang i-open kay Taguro ang lahat nang nangyari...

MAX'S POV

"DEL VALLE! Doon ka sa seat number 18."

Kamot ang ulo kong sinunod ang sinabi ni Sir Ciufan. Kahanay ko sina BJ at Migz na maswerteng magkatabi habang kahilera naman namin sina Michiko at Naih.

"Limaco!" muling tawag ni sir. Kumunot ang noo ko dahil sa tingin ko ay alam ko na ang susunod na mangyayari. **"Doon ka sa tabi ni del Valle!"** Hindi ako nagkamali.

Sabay kaming napabuntong-hininga ni Lovemir nang maupo siya. Nang maramdaman ko ang paningin niya ay bumaling ako sa bintana. Ngunit nagulat ako nang makita si Maxrill na kumakaway sa labas.

Tss.

Inis kong tinawagan siya sa cellphone. **"What?"**

"*Noona*, where are you going?" tanong niya, nagtitinig bata.

"Somewhere. What are you doing out there?"

"I saw you ride the bus," kumaway siyang muli. **"Can I join you?"**

"No."

"Then are you going to join us for lunch?"

"Lunch?"

"Yeah, mom and Chairman Moon are on their way back here in Laguna. I'm gonna join them for lunch together with Mokz and

***hyung*."**

"I don't think I can make it by lunch. I'm not sure what time we're coming back. Go back to your class."

"Okay," nakanguso siyang suminghap. **"Bring something home for me*, noona, naega* pasalubong *juahe, arasseo*?"**aniya na sinasabing gusto niya ng pasalubong.

Gusto kong matawa sa t'wing napaghahalo niya ang tatlong lenggwahe. Pero dahil isip-bata si Maxrill, iniiwasan naming pagtawanan ang mga mali niya. Dahil iisipin niyang tama ang mga iyon.

"Got it. We'll go now," nginitian ko siya.

"*Noona, jalga*!" aniya na sinasabing mag-iingat ako. Kuwamay siya nang kumaway hangga't hindi ako nawawala sa paningin. Kinawayan ko rin siya.

"Who's that?" tanong ni Lovemir. **"Is that your brother?"**

Nakangiwi ko siyang nilingon. **"Yes."** Saka ako nag-iwas muli ng tingin.

"I see, hindi kayo magkamukha," pilit na biro niya. **"Mukhang mas bata siya sa 'yo?"**

"Mm.

"Ang tipid mo pa ring sumagot," natatawang aniya. **"Sa 'kin ka lang ba ganiyan o sa iba rin?"** Napabuntong-hininga siya nang hindi makatanggap ng sagot. **"Bakit nga ba parang ilag ka sa tao? Masyado kang tahimik at hindi palakibo, tipid kung sumagot at parang galit parati kung tumingin. Sabihin mo nga sa 'kin, may problema ka ba sa mundo?"** Sinamaan ko siya ng tingin ngunit natawa lang siya. **"Okay, I was just kidding,"** aniya na isinuko pa ang parehong kamay. **"Would you mind if I ask why you are like this?"**

"Because I'm taken," seryosong tugon ko.

Napamaang siya sandali at saka humalakhak.**"Well, I guess everybody knows that you are?"** nakangising aniya. Pakiramdam ko ay iyon ang unang beses na makita ko siyang ngumisi. **"Kahit saan nga ay naririnig ko ang pangalan ng boyfriend mo."** Hindi na ako sumagot, muli kong narinig ang pagbuntong-hininga niya. **"Let me remind you,"** humarap siya sa 'kin nang lingunin ko siya. **"You're not my type, you're just interesting. There's a big difference between looks and personality."** Nakakainsulto ang tono niya.

"Oh, aalis na tayo!" anunsiyo ni Chupan dahilan upang matinag kaming pareho ni Lovemir at mapatingin sa kaniya. **"Bawal ang tatanga-tanga,**

naiintindihan ninyo ba? Magbubunganga ako habang nasa biyahe tayo kaya 'wag kayong tutulog-tulog! Kaya kong ibato itong eraser ko hanggang diyan sa dulo!" banta niya pa. **"Pero mas maganda kung si del Valle ang mismong tatamaan!"**Humalakhak ang loko.

"Mukhang malaki ang galit sa 'yo ng lecturer nating 'yan?" muling ani Lovemir, mahina ngunit dinig ko. Hindi na ako kumibo **"Sa t'wing may recitation ay sunod-sunod ang tanong sa 'yo. Kapag may quiz ay parating minamaliit ang matataas namang scores mo? Nakakapagtaka lang. Parati ka na lang niyang pinagsasalitaan ng kung ano-ano sa t'wing nasa klase niya tayo."**

"Pwede bang tigilan mo ang katitingin sa mga nangyayari sa 'kin?"

"What?" nagugulat niyang tanong.

Nilingon ko siya. **"Hindi ako interesado sa 'yo. Hindi ako interesado sa mga sinasabi mo at mas lalong hindi ako interesadong makipagkaibigan sa 'yo,"** mariin kong sinabi.

Muli siyang napamaang. Ilang saglit pa bago siya muling ngumiti at humalakhak, dahilan upang muli akong mag-iwas nang tingin.

"Inaasahan kong mapapanis ang laway ko hanggang sa marating ang lugar na 'yon sa Biñan, maghanap ka na lang ng ibang kausap," sabi ko.

"Bakit ba ang sungit mo?"

"Bakit din ba ang kulit mo?"

"Woah, look," bahagya siyang umayos ng upo paharap sa 'kin. **"Hindi naman kita madalas kausapin, 'di ba? Bilang na bilang ko pa rin sa mga daliri ko kung ilang beses kitang kinausap—"**

"Pangungulit ang tawag do'n," pigil ko sa kaniya. **"Bukod sa mga kaibigan ko, sino sa tingin mo ang naglalakas-loob na kausapin ako bukod sa 'yo?"**

"Huh?"

"Hindi ko ugaling makipag-usap sa mga tao, hindi ako interesado sa mga sinasabi at sa sasabihin pa nila."

"Eh, paano kung importante?"

"Sabihin mo kay Naih at hayaan mong siya ang magparating sa 'kin."

"What? That's weird."

"No, that's normal," tugon ko 'tsaka muling nag-iwas ng tingin.

"Ah, so gusto mong umiwas ako sa 'yo? Masyado ba akong lumalapit sa 'yo?" Hindi ko siya sinagot. **"Bakit ba hindi mo na lang sabihin kung ano ang problema mo sa 'kin?"**

"Simple lang, ayaw ko nang kinakausap mo ako."

"Bakit?"

"Dahil hindi ako interesado."

"Eh, paano naman ako?"

"Anong ikaw?"

"Interesado ako sa 'yo."

Tumaas ang kilay ko. **"Sa akin? O sa mga nalalaman ko?"**

Sandaling nangunot ang noo niya. **"What do you mean, Maxpein?"**

Ngumisi ako. **"May asawa ka na, hindi ba?"** Nawala ang kaninang magandang aura niya, bumalatay ang malamig niyang hitsura na maaanigan pa ng pait. **"Sa tingin ko kasi ay hindi magandang tingnan 'yong may karelasyon tayong pareho pero kung magsalita ka sa 'kin ay parang hindi gano'n ang sitwasyon. Matalino ka at inaasahan kong makukuha mo ang mga ipinahihiwatig ko. Seloso ang boyfriend ko, ayaw niya sa 'yo, kaya kung pwede ay dumistansya ka na lang."**

"Ah, so takot ka pala sa kaniya?" nakangising tanong niya, hindi ako sumagot. **"Mm, kung ako ang tatanungin ay wala 'yon sa hitsura mo."** Hindi na ako nagsalita pa. Itinuon ko na lang ang paningin kay Chupan na bagaman panay ang kuda ay wala akong maintindihan. **"Kahit ako ay naninibago sa sarili ko. May kung ano sa 'yo na nagbibigay ng interes sa 'kin. Kung iniisip mong may gusto ako sa 'yo ay nagkakamali ka. Hindi ka maganda, pangit ka kung manamit at wala kang modo."**

Gulat akong napalingon sa kaniya. *Hanep!*

Ngumisi siya. **"Walang-wala ka sa hitsura ng mga babaeng nandito. Kaya kung pwede, umasta ka nang akma sa iyong hitsura. Hindi dahil may mga taong interesado sa agaw-atensyon mong personalidad ay magugustuhan ka na nila sa huli,"** mayabang ang kaniyang dating kaya naman nakakainsulto 'yon para sa 'kin.

Hindi ko na nagawang magsalita pa. Masyado akong ipinahiya ng lalaking ito sa tabi ko. Pakiramdam ko tuloy ay gusto kong magtayo ng pader na semento sa pagitan namin dahil ayaw ko na siyang makita pa.

Mas hard kay Sensui kung magsalita ang isang 'to. Tss.

Nangibabaw ang katahimikan at tanging tinig ni Chupan at mga busina sa kalsada ang ingay. Nakatuon ang atensyon namin sa mga itinuturo niya na

posible raw na makita doon sa Biñan. Interesante ang mga itinuturo niya tungkol kay Dr. Jose Rizal. May mga oras din na nagpapatawa siya kaya naman lalong nakinig ang lahat.

Sa sobrang pakikinig ay hindi namin namalayang narating na pala namin ang Biñan. Gaya nang sinabi ni Chupan ay sibilisado na ang lugar. May ilan nang restawran sa bungad at wala nang bahid nang makalumang kasaysayan. Dumako kami papasok sa isang makitid na kalsada kung saan kinailangan na palang huminto ng bus, makakasagabal na raw sa mga daraan. Sa pangunguna pa rin ni Chupan ay sunod-sunod kaming bumaba. Syempre pa, pinapila niya kami na parang mga bata at sinabihang 'wag tatanga-tanga sa daan, baka raw kami mamatay. Unbelievable.

Sumunod kami. Doon lang namin nakita nang husto kung gaano na kamoderno ang lugar na iyon. Marami nang tindera ng gulay sa bawat gilid ng kalsada, lahat ay abala sa pagbebenta. Maraming tao, karamihan ay nakatingin sa 'min at nagbubulungan. Paniguradong hindi nila inaasahang ang isang tanyag na school ay pupunta sa ganitong klase ng lugar. Iba ang amoy ng lugar, amoy ng palengke. Amoy prutas, gulay, isda at karne.

May mga bahay na gawa sa kahoy, ngunit malayo sa makasaysayang bahay na inaasahan ko. Iilan lang ang gano'n do'n. Maging ang disensyo ng mga bahay ay moderno na, hindi gaya nang isang iyon na pupuntahan namin.

"Welcome to Alberto House," mayamaya'y bungad sa 'min ng isang magandang lalaki na may edad na. Mas may edad kompara kay Chupan. Batid naming siya na iyong bantay sa bahay. **"Welcome, BIS students, please come in."**

Agad na nagsimula ang diskusyon. Parang armalite na naman ang bibig ni Chupan sa pagtuturo. At dahil nga magaling siyang guro ay nagagawa niyang interesante ang mga sinasabi sa kabila ng istrikto niyang tono.

Kamangha-manghang nagawa nilang sinupin ang mga sinaunang gamit. Antigo, halatang inalagaan nang ayos.

Makaluma sa loob. Magaspang ang sahig bagaman malinis naman. Dinaanan na ng panahon ang mga istruktura ngunit sadyang napakasarap tingnan. Puti ang kahoy rin na pader ng bahay, na bagaman may mantsa na ay wala namang agiw na makikita. May kahoy na hagdan akong natanaw sa bandang kanan, doon ay nasilayan kong ternong puti at kulay tsokolate ang tema ng bahay. May mga gamit at kasangkapang naiiba ang kulay ngunit sadyang bumabagay.

"This historic house is significant among Biñan houses because of its association with our National Hero, Dr. Jose P. Rizal." Nagsimula nang magbahagi ang taga-bantay. Nakinig ang lahat habang lumilinga sa kabuuan ng lugar.

"Anyone who dares to take this historical place away for his personal use is greedy," mayamaya'y nangibabaw ang tinig ni Lovemir sa aking tabi. Gulat akong lumingon. Noon lang siya nagbaba ng tingin sa 'kin at ngumiti. **"Hey there, Miss Taken,"** nakangisi niya pang diin.

Tss.

Hindi ko na siya pinansin pa at sa halip ay nakinig akong muli.

Inikot namin ang kabuuan ng bahay. Syempre, nandoon pa rin ang pagbubunganga ni Chupan ngunit nakatulong naman. Inubos ko ang oras at ibinuhos ko ang buong atensyon sa pakikinig.

Nang makapagpahinga kami sadali ay agad akong nag-check ng cellphone. Kumunot ang noo ko nang makitang wala man lang text si Sensui.

"Wala siyang text?" Nagulat ako nang madinig ang tinig ni Lovemir. Nilingon ko siya. **"Maybe he's busy."**

"Lahat yata ng estudyante ay busy. Marunong naman akong umintindi," pilit ang ngiting tugon ko 'tsaka muling isinilid ang cellphone.

"May bitterness sa tono ng pananalita mo, ganiyan ba ang nakakaintindi?" nang-aasar na aniya.

"Excuse me?"

"Nah, I was just kidding."

"But we're not that close para magbiro ka nang ganiyan sa 'kin," nakangiti kunyari na tugon ko.

"Wrong. Ang kadalasang binibiro ay 'yong mga taong hindi gano'n kalapit sa 'yo. Bibiruin mo sila upang magkagaanan kayo ng loob." Nakangising aniya, kumunot naman ang noo ko kaya natawa siya.

Tss. I don't agree.

"Kailangan ko na bang makipag-close sa 'yo? O sadyang kulang lang ang mga biro ko?" ngisi niya, puno ng kompyansa.

"Hindi ako interesado."

"Takot kang magselos ang boyfriend mo o takot kang mahulog ang loob mo sa 'kin?"

Hanep. **"What?"** asik ko. **"Alam mo hindi ko alam kung saan ka kumukuha ng lakas ng loob para pagsalitaan ako ng ganiyan?"** hindi

ko naitago ang inis.

"Woah, calm down, Miss Taken," isinuko niya ang parehong kamay, sarkastiko. **"Kung ang ikinababahala mo ay ang posibleng pagkakahulog ng loob mo sa 'kin, 'wag kang mag-alala dahil hindi naman kita sasaluhin."**

"Oo, dahil meron kang buhat-buhat na asawa," seryoso kong tugon na siyang ikitinag niya.

Nawala ang mga ngising kanina ay litaw sa kaniyang mukha. Batid kong hindi niya nagustohan ang sinabi ko pero wala akong balak na bawiin 'yon.

"Matalino ka, iyon ang nagustuhan ko sa 'yo," pilit ang nakangiting aniya 'tsaka iginala ang paningin sa paligid. **"Nasisiguro kong hindi kita magugustuhan dahil sa hitsura mo pa lang ay hindi na ako ginaganahan. Masyado lang interesting ang personality mo, Miss del Valle,"** seryosong dagdag niya.

Nangunot ang noo ko. Hindi ko maintindihan kung bakit naiinsulto na nga ako sa mga salitang binibitiwan niya, hindi ko pa rin tigilan ang pambabara. Naaasar ako sa presensya niya.

"Pakikipagkaibigan lang ang habol ko. Kung hindi mo iyon matatanggap ay 'wag mo akong pagsalitaan na para bang may gusto ako sa 'yo."

Napahiya ako na naman ako. Pakiramdam ko ay hindi talaga akma ang naiisip ko sa kaniyang mga ikinikilos. Maaaring nabibigyan ko nga iyon nang maling kahulugan.

Nag-iwas ako ng tingin 'tsaka bumuntong-hininga. **"Hindi ako mahilig makipagkaibigan,"** tanging naitugon ko.

"Ako rin naman. Pero hindi ko ugaling mambastos ng mga taong nakikipagkaibigan."

"Kung gano'n ay nabastos kita?"

"Sa maraming paraan, oo." Ngumisi siya 'tsaka tuluyang humalakhak. **"Hindi ko malaman kung bakit ba parang ilag na ilag ka sa 'kin? Ano ba ang meron sa 'kin at ganiyan ka na lang kung umiwas?"** Nakangiti ngunit mababatid kong seryoso siya sa tanong. **"Dahil lang ba sa nagseselos sa 'kin ang nobyo mo? Hmm."** Nagulat ako nang biglang mawala ang ngisi sa kaniyang mukha, tumitig siya sa 'kin nang seryoso. **"Kung nagseselos sa 'kin ang nobyo mo dahil nagkakasama tayo sa mga oras na hindi naman natin ginustong pareho, nagseselos din ako sa kaniya."** Napalunok ako. **"Pero hindi dahil meron silang sitwasyong**

ganito. Kundi dahil alam kong si Eerah Anitha mismo ang naghahabol sa kaniya upang magkasama sila."

Naantig ang interes ko. **"Eh, di aware ka pala sa ginagawa ng asawa mo sa boyfriend ko?"**

"Syempre, kahit anong pagpapakatanga ko ay nakikita ko ang bawat kilos niya. Sa ayaw at sa gusto ko ay nasasaktan ako."

Hindi ko inaasahan ang sinabi niya, talagang nagulat ako, hindi ko iyon naiwasang ipakita sa kaniya. Ang hula ko ay hindi maganda ang pagsasama nila sa ngayon. Hindi tulog ako nakasagot, bigla ay kinulang ako sa salita. Hindi na rin siya nagtuloy sa pagkuda. Ang tanging maririnig ay ang pareho naming buntong-hininga.

Nang mag-resume ang discussion ay ramdam ko na ang awkwardness, pilit na itinutuon ang buong atensyon. Kung bakit naman kasi pilit pa rin siyang sumasabay sa 'kin na maglakad. Pwede namang siyang mauna o mahuli.

Mahigit apat na oras kaming nagpalibot-libot sa kabuuan ng bahay bago magyaya si Chupan na umalis. Panay ang pasasalamat niya sa naging katuwang sa pagtuturo. At nang matapos ay panay rin ang pagsigaw sa 'min. Naunang sumakay ang mga kaklase naming walang-humpay pa rin ang daldalan. Hinintay ko naman ang mga kaibigan ko. Eksaktong pagkaupo nina Michiko at Naih ay nakita ko si Lovemir na nakatayo sa bungad ng aming puwesto.

"Naks, ang taray ng hambog, oh?" buyo ni BJ. **"May pagka-gentleman din pala ang Limaco, 'te?"**

"Mm! Gaga, iginagalang niya lang ang Maxpein dahil mas mukha pang lalaki sa kaniya," biro ni Migz.

Inilingan ko nalang ang biro nila. Tumabi si Lovemir nang makalapit ako. Kunot-noo akong naupo. Ramdam ko ang mga mata niya sa 'kin bagaman malayo ang tingin ko.

Pakiramdam ko ay nagbago ang ihip ng hangin nang maupo siya. Kung kanina ay sarkastiko, ngayon ay sobrang tahimik na uli.Parang gusto ko nang ginawin dahil animong dumadagdag sa lamig ng aircon ang presensya niya. Hindi kumikilos, iisa ang pwesto. At walang mababasang emosyon sa mukha. Iyong tipikal at natural niya.

Pero hindi ko naiwasang mapaisip. *Wala naman siguro akong nasabing masama? Tss. Siya 'tong banggit nang banggit tungkol sa selos tapos siya ang tatamaan ng pagka-emo ngayon? Hanep.*

Panay pa rin ang kuda ni Chupan habang tinatahak ang daan pabalik nang BIS. Kumuha ako ng sitsirya at kumain. Gusto kong mainis dahil hindi ko halos nagalaw ang mga baon na pinamili ko. Bukod kasi sa umalis akong busog, bawal kumain sa venue.

Wala pang treinta minutos ay nasa kanto na kami ng BIS, nagkataon lang na nag-traffic.

"Sir, hindi ba pwedeng diyan na kami bumaba sa mall?" tanong ng isa sa mga lalaki kong kaklase. **"May kailangan lang pong bilhin."**

"Kung iyong buong mall ang bibilhin mo ay pababababain kita. Kung hindi naman ay maghintay kang makabalik tayo sa BIS," tugon ni Chupan.

"Eh, hassle pa kasi, sir! Babalik pa ako sa mall?"

"Oo naman! Mas madali naman iyon kaysa bumalik ka sa fourth year, ano?" Ngumisi si Chupan. **"Doon kayo umalis kaya doon din kayo babalik. Ayaw kong magkaroon ng responsibilidad sa inyo lalo pa at alam kong marami sa inyo ang loko-loko! Ha! Ano ang akala ninyo sa 'kin, tanga? Alam kong gusto lang ninyong magbulakbol dahil maaga tayong natapos at wala nang klase sa hapon!"** nangibabaw ang bulungan ng mga lalaki sa likod. **"Doon tayo maghiwa-hiwalay sa BIS tapos ay kaniya-kaniya na. Bibigyan mo pa ako ng isipin."** Muli niya kaming tinalikuran. **"Mag-a-attendance ako uli pagkarating sa school, tapos ay maaari na kayong umuwi—"** Hindi na natapos ni Chupan ang sasabihan nang unahan siya nang nakabibinging pagsabog!

Agad na napatiklop at nagsigawan ang lahat sa takot. Ang karamihan sa unahan ay nag-unahang tumakbo papunta sa likuran. Na animong papunta sa 'min ang pagsabog.

Nang hindi na masundan ang pagsabog ay tumayo ang ilan at nagpa-panic na sumilip sa labas.

Hindi ko maipaliwanag ang pagdagundong ng kaba ko. At kahit hindi ko nakikita ay batid kong nanggagaling iyon sa BIS.

Malakas at nakapangingilabot ang pagsabog, sandaling nabingi ang tainga ko. Natulala ako. Naiwan akong nakamaang habang nakatingin sa harapan ng bus kung saan nandoon ang daan papaliko sa BIS. Tumindi ang takot, lalo nang mga babae, panay na ang ingay at pag-uga nang sasakyan.

Natutulala akong tumayo at hinanap ang mga kaibigan ko. Na noon ay hindi na magkahiwa-hiwalay sa pag-iyak.

"Ano 'yon!?" pasigaw na tanong ni Chupan, hindi malaman kung sino ang kausap. Nanatili siya sa unahan. **"Ano ang pagsabog na 'yon!"**

"Ang hirap namang mag-panic kasama ng letseng 'to!" umiiyak na singhal ni Naih, si sir ang tinutukoy. **"Kung makapagtanong ng ano 'yon, akala mo magkakahiwalay tayo! Letse!"**

"Class, calm down! Calm down!" pasigaw na utos ni Chupan, panay ang lingon sa harapan.

Ngunit hindi niya magawang patahimikin ang nagwawala nang mga estudyante. Karamihan sa mga ito ay walang-humpay sa pagsigaw at pag-iyak. Lalo na nang kumalat ang makapal na usok! Hindi na kataka-takang gano'n katindi iyon, napakalakas ng pagsabog.

What the hell was that?

Sumilip ako sa kabilang bintana. At gano'n na lang ang gulat ko nang makita ang nagtatakbuhang mga tao mula sa gawi ng BIS.

"Sa BIS 'yon." Hindi ko namalayan ang paglapit ni Lovemir. Nag-aalala ko siyang nilingon. **"Nasisiguro kong galing sa BIS ang pagsabog na 'yon."**

Lalo akong kinabahan nang maalala kong nandoon ang mga Moon.

Aling parte ng BIS ang sumabog? Sinong nagpasabog? Bakit sumabog?

Wala sa sariling tinabig ko si Lovemir upang makadaan. **"Hey, where are you going?"** habol niya. Sa halip na pansinin siya ay nagmadali akong maglakad.

"Max, where are you going?" hinigit ni Naih ang braso ko. **"Saan ka pupunta?"**

"Sa BIS 'yon," napapraning nang tugon ko.

"Bakit ka pupunta ro'n? Hindi! Hindi ka aalis!" Hinila niya ako pabalik. Nalingunan ko ang nag-aalalang tingin ng mga kaibigan at kaklase ko. **"Hinde ka aalis dito, Max, ano ka ba? Delikado! Ang lakas ng pagsabog na 'yon! How sure are you that it's safe to go back in BIS?"**

"Naih, nando'n ang mga Moon," kunot-noo, nag-aalala kong tugon. **"I need to go there. Kailangan kong makasiguro."**

"Hindi!"

"Naih!" gilalas ko, nagulat siya. **"Nandoon ang mga Moon,"** mariin kong tugon. Pumatak ang luha niya, agad ko siyang tinalikuran.

"Mag-iingat ka, Max!" dinig kong sigaw ni Migz.

"Sir, pababain ninyo 'ko," pautos kong sabi sa driver, gulat itong napalingon sa 'kin.

"May sira ba iyang ulo mo, del Valle?" galit na angil ni Chupan. **"Anong klaseng pagpapakabayani na naman ito?"**

"Buksan mo ang pinto," pautos kong pag-uulit.

"Hindi! Walang aalis sa atin dito! Nakita mo ang mga taong iyon?" Itinuro pa niya ang mga nagtatakbuhang sibilyan at estudyante ng BIS. **"May hindi magandang nangyayari at nasisiguro kong doon 'yon sa loob ng BIS!"**

"At may hindi magandang mangyayari sa 'yo kung hindi mo ako pababababain ngayon!" sigaw ko na ikinabigla niya. **"Buksan mo ang pinto kung hindi ay babasagin ko 'to,"** baling kong muli sa driver, mababakasan ang pag-aalala sa mukha nito.

"Just open the god damn door!" bigla ay singhal ni Lovemir. Nagugulat ko siyang nilingon.

Magsasalita pa sana ako ngunit narinig ko nang bumukas ang pinto. At bago pa man ako makakilos ay hinila na ni Lovemir ang kamay ko pababa.

Gustuhin ko mang ituon ang buong atensyon sa pagtakbo, napapako ang paningin ko sa kamay naming magkahawak. Mahigpit ang pagkakahawak niya, para bang hindi ako pwedeng bitiwan o mahiwalay. Hindi na iyon ang unang beses. Pero hindi ko maipaliwanag ang kuryenteng dumadaloy ngayon doon, ginugulo ang isip ko.

Mas kumakapal ang usok habang papalapit sa BIS. Gano'n talaga katindi ang pagsabog. At natitigilan ako sa bawat apektadong nadaraanan ko. Gusto kong manlumo.

Natinag ako nang lingunin ni Lovemir. **"Saan tayo daraan?"**

"Ha?" utal kong tugon, wala na sa sarili.

"Saan tayo daraan?"

"Sa harapan!"

"Sigurado ka?"

Magsasalita pa sana ako nang muli niyang hilahin. *Kailangan ba talagang maghawak ng kamay sa pagtakbo? Damn it!* Sa inis ay hinila ko ang kamay at nagpaumunang tumakbo.

Halos maghabulan ang pintig ng puso ko nang marating ko ang mismong harapan nang BIS.

"Come here!" Hinila akong bigla ni Lovemir dahilan upang mapayakap ako sa kaniya.

Sa hindi kasi inaasahan ay may rumagasang mga tao. At kung hindi niya ginawa iyon ay paniguradong nadunggol ako ng mga ito.

"Thank you," usal ko 'tsaka kumawala sa kaniya. Agad akong tumakbo papalapit sa gate.

"Nandito!" nangibabaw ang tinig ni Lovemir dahilan upang mapalingon ako.

Nagulat ako nang makita ang isang pamilyar na sasakyan na pinasabog ang likuran. Nagkalat ang dugo kung saan-saan, makalat at mausok.

Sensui...

OceanofPDF.com

CHAPTER 182

SIN'S POV

"SA LOOB ng limang minuto ay lalabas ang Chairman ng mga Enrile," ani Christian pagkasakay niya sa kotse kung saan ako lulan. **"Mukhang swerte tayo ngayon. Hindi sasabay sa uwian ng mga estudyante ang Chairman. Bukod doon ay sa harapan nakaparada ang kaniyang sasakyan at hindi sa likuran, bagay na parating nakapagpapahirap sa atin."**

"Naisaayos mo ba ang bomba sa sasakyan nila?"

Ngumisi siya. "Nang walang kahirap-hirap."

"Siniguro mo bang walang ibang madadamay bukod sa Chairman?"

"Nasisiguro ko iyon, Sin."

"May tiwala ako sa 'yo." Nagtanguan kami. **"Umaayon ang lahat sa plano, magaling."Tinanaw ko ang BIS**.

Hindi kasinlakas, gaya nang kadalasan naming ginagamit, ang bombang nakakabit sa bandang likuran ng sasakyan, kung saan batid naming uupo ang Chairman. Sapat lamang iyon upang pausukin ang sasakyan at paputukin ang gulong nito. May mga tauhan kaming bihasa sa paggawa ng mga maliliit hanggang sa malalaking pampasabog. May iba't ibang klase pa ng usok.

Base sa plano ay warning lamang ang ibibigay namin sa Chairman. Ang inaasahan namin ay masasaktan siya, siya lamang at wala nang iba.

Pareho kaming nakasuot ng itim ni Christian, may balot ang mga mukha at tanging mata lamang ang kita. Gaya nang dati ay mga nakaitim kaming jacket, jeans at sapatos. Kasama kasi ang mga iyon sa aming plano. Kung noon ay naka-motor ako. Ngayon ay magkasama kami ni Christian sa sasakyan.

Asintado kasi ang mga lintik na iyon.

"Parating na siya," anunsiyo ni Christian na siyang nakapagpatinag sa 'kin.

Muli kong tinanaw ang main gate ng BIS. Nakita ko nga ang mga bantay nito sa suit na uniporme. Nangunguna ang mga bantay, pinaggigitnaan naman ng mga ito ang siyang Chairman. Malayo pa lamang ay natatanaw ko na kung gaanong kaistrikto ang kaniyang mukha, nakakasuya. Wala pa man siyang ginagawa ay kumukulo na ang aking dugo.

"Kung ako lamang ang masusunod ay pasasabugin ko na ang kaniyang bungo," wala sa sariling naiusal ko.

"Ngunit hindi tayo mga hayop, Sin, iyan ang ilagay mo sa iyong isip," nangangaral na ani Christian, hindi ko na siya pinakinggan.

Pinaglaro ko ang dalawang daliri sa aking bibig habang pinagmamasdan ang pagkilos ng mga ito. Isa sa bodyguards nito ang nagpaumunang lumapit sa kotse upang pagbuksan ang Chairman. Napangisi ako dahil umaakma ang nangyayari sa aking inaasahan at plinano. Kung ano-ano pa muna ang idinada ng Chairman bago ito tuluyang lumulan sa kotse.

Itinaas ko ang aking kamay bilang hudyat kay Christian, pipindutin na niya ang remote ng bomba.

"Naka-set na lamang sa isang minuto ang timer, may tatlompung segundo ka pa, Sin. Pero kung nais mo nang makapagpahinga agad sa bahay ay bumilang ka ng tatlo," sabi pa ni Christian, hindi rin inaalis sa Chairman ang paningin gaya ko.

Nangiti ako. **"Isa...dalawa...tat—"**

Natigilan ako nang makitang lumabas mula sa gate si Deib Lohr. Bagaman taliwas sa sasakyan ng Chairman ang punta nito ay hindi malayong umabot ang pagsabog sa gawi nito.

"Shit!" gilalas ko. **"Bakit nandiyan ang isang 'yan?"**

"Eehra!" pagtawag ni Deib Lohr. Hindi man ganoon kalakas ay dinig ko ito. Aligaga kong nilingon ang kaniyang sinusundan. **"You left this!"** Hinabol nito ang babae na kasalukuyan namang gagawi papalapit sa sasakyan ng Chairman.

"Baba!" sigaw ko. Saka ako awtomatikong umibis at tumakbo papunta sa gawi nina Deib Lohr. Naramdaman ko ang pagsunod ni Christian.

Nagkarambola ang trapiko sa pagtakbo ko. Awtomatikong prumeno ang karamihan dahil sa marahas na pagtawid ko.

Malas!

Masyadong malaki ang high way. Hindi ganoon kadaling takbuhin ang magkabilang kalsada.

"May paparating!" anunsiyo ng isa sa mga tauhan ng Chairman. Doon ko lamang naalala ang aking hitsura. **"Ang Chairman!"** Inahanda nila ang sarili sa pagsalakay at depensa.

Damn it!

Natigilan ako sa matinding katangahan! Iginala ko ang paningin, hinahanap si Deib Lohr na wala naman sa planong mapahamak din sa oras na ito. Maigi ang mapahamak na silang dalawa sa iisang trabaho pero hindi iyon aakma sa mga susunod pa naming plano. Wala sa sariling tumayo ako sa gitna ng highway at sandaling napako ang paningin sa mga tauhan ng Chairman na kasalukuyan nang pasugod sa 'kin. Hindi maalis ang paningin ko sa mga iyon ngunit hindi ko malaman kung ano ang aking gagawin, tatakbo pabalik kay Christian o susugod? Hindi ko alam. Parang huminto ang aking sistema at hindi ko magawang makapag-isip nang tama.

Kailangang masunod ang plano! Hindi ito kasama sa plano!

Natinag ako nang magsipagbunutan ng armas ang mga tauhan. Sabay-sabay ng mga itong itinutok iyon sa akin.

Nang walang anu-ano'y may humarurot sa likuran ko. **"Sakay!"** Nangibabaw ang tinig ni Christian.

"Pero—"

"Sakay!" nagngangalit ang mga bagang niyang sigaw. Nang hindi ako tumalima ay pahablot niya akong hinila. **"Hindi ka ba makaintindi? Mapapahamak tayo! Ano pa ang itinutunganga mo riyan?"** Mahihimigan ang galit sa baritono nitong boses. **"Pipindutin ko na ang buton—"**

"Hindi pwede!" singhal ko. Ngunit pilit niya akong isinakay sa kotse. Hindi naalis ang paningin ko sa gawing iyon ng batang Enrile.

Nang hindi ko maramdaman ang pagsakay ni Christian ay nagmadali akong lumabas upang makatakas sa kaniya. Ngunit huli na ang lahat, sunod-sunod na nagpaputok ang ilan sa mga tauhan ng Chairman! Agad akong napalingon sa gawi ng mga Enrile ngunit bakas din ang gulat sa mga ito. Nang muling umalingawngaw ang sunod-sunod na putok ay wala na akong nagawa kung hindi ang umilag at pilit na pumasok muli sa kotse.

"*Mierda*!" naibulalas ko, hindi malaman kung ano ang gagawin at dapat na unahin.

Ngunit natinag ako nang makitang hindi pa rin nakakasakay si Christian sa driver's seat. Agad na kumabog ang dibdib ko lalo na nang muling magkasunod-sunod ang pagputok. Dali-dali kong tinanghuran ang kaniyang

upuan at pinagbuksan siya mula roon. Nanlaki ang aking mga mata nang makitang duguan na ang kamay niyang nakahawak sa tiyan. Napamaang ako sa gulat at hindi nakakilos.

"Christian!"

"Hilahin mo ako!"

"Ano ang nangyari—"

"Paparating na sila!" hirap na hirap niyang sabi. **"Paputukan mo!"**

"Ano?"

"Paputukan mo!"

"Wala iyan sa plano, Christian!"

"Mamamatay tayo ngayon kung hindi mo gagawin iyan, Sin! Makinig ka sa 'kin!"

"Hindi! Sumakay ka na, ako ang magmamaneho—"

"Hindi!" singhal niya. Hindi ko na namalayan ang sunod niyang kilos dahil bilis.

Nagawa niyang tanghuran ang maliit na pakete mula sa likuran at sunod-sunod din na nagpaputok sa ere.

Gaya nang inaasahan ay mas lumakas ang sigawan ng mga saksi. Nagkumahog sa pagbaba ang mga tao mula sa kanilang sasakyan.

Nang dahil sa traffic ay dumagsa ang sasakyan sa pagitan namin at ng mga tauhan ng Enrile. Nagkagulo na ang lahat. Matatanaw na rin ang security guards ng BIS.

Napepeste na ang aking isip, hindi ito sumasabay sa delikadong sitwasyon. Nawawala ako sa huwisyo at hindi ako makapagplano nang magandang kilos para rito.

Muling nagpaputok si Christian. **"Tigilan mo na!"** nag-uutos kong sigaw ngunit hindi niya na ako sinagot pa. Pinaputukan niya ang isa sa mga tauhan na siyang pinakamalapit sa 'min. Tumimbawang ito sa kalsada. **"Christian!"** sigaw ko.

Ngunit ngali-ngali nitong isinilid ang armas, pinaandar ang makina at pinaharurot ang sasakyan naming walang plaka. Inaasahan kong may sunod-sunod na bala pang hahabol sa 'min ngunit hindi na iyon nangyari. Nilingon ko ang aming pinaggalingan, nagkakagulo pa rin ang mga tao ro'n. Nakasara ang pintuan namin ngunit maririnig ang ingay mula sa lugar na iyon. Hindi ko maipaliwanag ang napakabilis na tibok ng aking puso at ang kaba na idinudulot niyon sa 'king sistema. Nagkakandaloko-loko ang aking utak.

Bumaling ako kay Christian. Ngunit huli na ang lahat, nakita ko kung paanong pinindot niya ang buton! Naging marahan ang lahat sa aking paningin. Nilingon ko ang lugar na iyon sa harap ng BIS at doon ko napanood ang planong inaasahan kong masilayan kanina. Kasunod nang napakalakas na pagsabog ay lumiyab ang likurang bahagi ng sasakyan ng mga Enrile.

Hindi ito maaari...

"Ikaw ang nagplano ngunit hindi ko inaasahang ikaw rin ang magpapahamak sa atin, Cargosin!" sigaw ni Christian. Nadinig ko ngunit hindi ko na iyon nagawang pansinin. **"Ano ang pumasok sa kukote mo at binago mo ang plano—ora mismo! Cargosin—ah!"** bulalas niya dahilan upang matinag ako.

"May tama ka!" nag-aalala kong sabi.

"Oo, at ang lahat nang ito ay dahil sa 'yo! Ano ba sa tingin mo ang iyong ginagawa? Nasaan ang isip mo?" Natameme ako sa galit niyang tono, ngayon lang nangyari ito. **"Ano ang sasabihin natin sa Chairman pagkarating sa mansyon?"**

Matagal bago ako nakatugon. "Hindi iyon ang dapat nating isipin sa ngayon! Masama ang lagay mo!"

"Hindi rin natin ito pwedeng unahin ngayon. Paniguradong mapapatay tayo ng ama mo kapag nalamang pumalpak tayong pareho!"

"Damn it!" sigaw ko sabay sipa sa ilalim.

Kumuyom ang palad ko, naipatong ko doon ang aking mukha. Nagtatangis ang aking mga bagang habang nag-aalala. Nagsimula akong matakot sa aking ama na parang bata, na hindi nagawang ipasa ang limang katanungan ng kaniyang guro. Ngunit hindi ko rin maiwasan ang isipin ang lagay ni Christian. May tama siya. At sa lakas ng pagdurugo niyon ay paniguradong malalim ang sugat niya.

Kasalanan mo ito, Deib Lohr!

Panay ang pag-iisip ko habang nililingon si Christian. Buong byahe ay wala akong nagawa kundi ang magalit at kabahan nang sabay.

"Mga tonta! Palpak!" galit na bulalas ni Chairman nang makauwi kami. "Matagal na nating plinano ang tungkol diyan, bakit ngayon pa kayo pumalpak?" Hindi namin nagawang tumugon ni Christian. **"Palpak! Palpak! Palpak! Mga inutil!"**

Bumuntong-hininga na lamang ako at tumitig kay Christian, binigyan ko siya nang nag-aalalang tingin.

Ayos ka lang ba, Christian?

Pumalpak nga kami. Hindi ko rin naman iyon inaasahan sapagkat gaya nga nang sinabi ni Chairman ay planado ang lahat. Ito ang kauna-unahang beses na nagkamali kami at pumalpak.

Pero hindi mangyayari iyon kung hindi naging komplikado ang sitwasyon. Naiintindihan ko, at paniguradong gano'n na rin si Christian, ang galit ni Chairman. Pero mahalaga ngayon ang lagay ni Christian. Siya kasi ang higit na napuruhan sa palpak naming pagtatrabaho.

"Ah!" impit ang boses na palahaw ni Christian.

Nag-aalala akong bumaling sa kaniya saka tumingala sa Chairman. **"Dad, kailangan nating dalhin si Christian sa ospital."** Bagaman gusto kong sumigaw ay hindi ko magawa. Natatakot ako sa Chairman kapag ganitong galit siya.

"*Kieta el estupido*!" Ipinamukha sa 'kin ng Chairman kung gaano kaestupido ang suhestyon ko.

"Maaari naman natin itong pag-usapan matapos mabigyan ng paunang lunas ang kaniyang sugat!"

"Kung bakit naman kasi hindi kayo nag-iingat!" pasigaw nitong tugon habang pinupukol ako nang napakasamang tingin. Sinuklian ko naman iyon ng pakikiusap. **"Hindi tayo pwedeng pumunta sa ospital, Cargosin, huwag kang inutil! Tawagan mo si Doctor Onelle Lat at papuntahin mo siya rito, ngayon din. Ayusin ninyo iyan!"** mariing aniya 'tsaka kami tinalikuran.

Doon naman mas inilabas ni Christian ang kanina pa iniindang sakit. Wala akong magawa kundi ang diinan ang parteng iyon ng dibdib at tiyan niya kung saan siya may tama. Napakahirap para sa 'min ng ganitong sitwasyon. Wala kaming ibang maaasahan ni Christian kundi ang isa't isa.

Hindi maasahan ang kasambahay dahil wala silang nalalaman sa mga plano namin. Baka ikatakot nila kung makitang isa sa 'min ang may tama ng baril ngayon. Bukod sa pagsilbihan kami ay wala na silang ibang dapat pang malaman na kasama sa kanilang pinirmahan at aming binabayaran. Ang mga tauhan naman ay kulang sa koneksyon. Ang alam lang nila ay makipagbuno sa kaaway.

Kapag ganito ang sitwasyon, pinagtatakpan na kami ng mga tauhan. Kani-kaniyang pinagkaakaabalahan na ang mga kasambahay na babae. At

sinuman sa mga ito ay hindi pwedeng dumako sa parte ng bahay kung nasaan kami. Hindi sila pwedeng mang-abala sa kahit na ano at sinong dahilan.

"Maghintay ka lang nang ilang sandali pa, Christian, tatawag ako ng doktor," pakiusap ko. **"Hawakan mo ito."**

Duguan at nanginginig din ang aking mga kamay nang abutin ko ang telepono sa mesa. Maging ang kwaderno kung saan nakasulat ang numero ng doktor ay nalagyan ng dugo nang buksan ko. Wala na akong pakialam sa mga gamit ko dahil si Christian ang kailangang maisakaso sa ngayon.

Nawala na si Taylor...hindi pwedeng mawala si Christian.

"Hello?" Sa wakas ay sinagot ng doktor ang tawag ko. **"This is Dr. Lat, how may I help you?"**

"Si Cargosin ito. Maaari ka bang pumarito sa mansyon?" Tumikhim ang doktor, paniguradong nakuha na nito ang ibig kong sabihin. **"Sasabihan ko ang mga gwardiya na darating ka."**

"Nandiyan na ako sa loob ng isang oras—"

"Darating ka sa loob ng sampung minuto." Sandaling natigilan ang doktor dahil sa nag-uutos kong tono. **"Maraming dugo na ang nawala sa kaniya. Aasahan kita sa loob ng sampung minuto. Bye."** Muli akong lumapit kay Christian. **"Paparating na ang doktor, mahusay ang isang iyon. Maghintay ka lang, Christian."**

"Maiinom, gusto ko...ng maiinom," hirap na hirap niyang sambit. Tumango ako at agad na tumalima. Tinulungan ko siya at inalalayan.

Naaawa ako kay Christian. Sa isip ko ay hinihiling kong sana ay matagalan niya ang sampung minuto. Nag-aalala ako. Nakikita kong nahihirapan siya, nagtitiis kahit nasasaktan.

Matalik kong kaibigan si Christian at magkasama kaming lumaki kasama si Taylor. Hindi nagkakalayo ang mga edad namin pero sa murang edad ay naging bantay ko na sila simula pagkabinatilyo. Itinuring ko silang mga kapatid, gano'n din ang mga kapatid ko sa kanila. Hindi kasi kami pinababayaan nina Christian at Taylor. Magaling silang mag-alaga. At bagaman kapatid na ang turingan namin ay nandoon pa rin ang respeto nila para sa 'min, bagay na talagang hinangaan ng aming pamilya sa kanila.

Pareho na silang may pamilya. Kaya naman nang mapahamak si Taylor ay talaga namang ikinalungkot namin iyon ni Christian. Lalo pa kaming nalungkot nang sabihin ni Chairman na isipin na lang naming patay na ito.

Nag-aalala ako para sa kahihinatnan ng kanilang pamilya kapag napahamak sila nang tuluyan.

Kanina ay talagang kinabahan ako. Akala ko kasi ay mawawala rin si Christian nang dahil sa sarili kong katangahan. Ganoon kasi ang nangyari kay Taylor noon sa Palawan at aminado akong akin ang kasalanan. Ang inaasahan namin ay magtatagumpay ang aming plano ngunit gaya nang sinabi ni Chairman, pumalpak kami.

Isa't kalahating oras na ginamot ng doktor si Christian. Mabuti na lamang at nag-iwan ito ng ilang kahon ng gamot na magagamit ni Christian. Wala naman kasi kaming kinalaman at nalalaman sa ospital. Oo, tama, anumang impormasyon na ibinigay namin sa mga Enrile ay hindi totoo. Karamihan sa mga iyon ay kasama sa plano. Maaari nila kaming paimbestigahan, pero wala silang malalaman.

Hinayaan kong makatulog si Christian bago ako lumabas sa kwarto niya. Umakyat ako sa aking opisina at nagulat nang makitang nandoon ang aking ama. Nakaupo ito sa swivel chair ko, hinihipak ang kaniyang pipa habang sumisimsim ng alak. Ang kaninang kalmado ko nang sistema ay nagsisimula na namang umarangkada ngayon. Paniguradong kagagalitan niya ako.

"Kailangan mo na ba ng bagong kanang-kamay?" tanong niya habang nakatanaw sa balkonahe. Hindi ko nagawang sumagot. **"Sa tingin ko ay pumupurol na ang iyong mga bata?"**

"Dad..." Lumapit ako at nakikiusap na tumitig. **"Importante sa 'kin sina Christian at Taylor. Magkakasabay kaming lumaki at nagturingan na parang magkakapatid."**

"Ngunit mas importante sa akin ang iyon ina, Sin." Blangko ang kaniyang mukha, hindi kakikitaan ng awa.

"Naiintindihan ko po, dad. This is all my fault. Pumalpak ang aming trabaho dahil sumuway ako sa plano."

Hinarap niya ako, nakakunot ang noo. **"Ano ang ibig mong sabihin?"** Nagsisimula nang magalit ang kaniyang tono.

Inilahad ko sa kaniyang ang totoo at lahat nang nangyari kanina. Gaya nang inaasahan ay galit na galit siya at hindi ko na naman malaman kung paano iyong mapahuhupa.

Sana ay magawan namin ito ng paraan agad. Kailangan mong magpagaling, Christian.

"Eh, paano kung pati ikaw ay napahamak doon, Cargosin? Ano ba sa tingin mo ang iyong ginagawa?" sigaw na naman niya.

"Hindi ko inaasahan ang mga pangyayari, dad," pagdadahilan ko. **"Natuliro ako."**

"Eh, bakit hindi mo isinama ang mga iyan sa plano na *posibleng* mangyari? Ang bawat plano ay kinakailangan ng back-up plans!"

"I did not prepare for this, dad. Paumanhin," nagbaba ako ng tingin.

"Paumanhin? Ano ang mapapala ko riyan? Maibabalik ba niyan ang buhay ng iyong ina? Lumayas ka sa harapan ko!"

"Nandito kayo sa aking opisina, dad," kalmado kong tugon.

Nag-angat siya ng tingin 'tsaka tumikhim bago pa man bumuntong-hininga. **"Ano na ang plano mo kung gano'n? Hindi ako makapapayag na ganito na lamang ang kahinatnan ng mga bagay na matagal na nating napaghandaan!"**

"Kailangan muna naming pahupain ang insidente. Gaya nang dati, patatahimikin muna natin ang lugar na iyon at ibabalik sa normal ang kanilang buhay. Sana ay walang nadamay."

"Siniguro mo bang walang nadamay?"

Kinabahan ako. "Ngayon ko pa lamang uutusan ang ilan sa ating mga bata para sila ay tingnan."

"'Susmaryosep!" Nasapo niya ang sariling noo 'tsaka nanginginig ang kamay na ipinatong sa ashtray ang pipa. **"*Ngayon*? Ngayon pa lamang? Nag-iisip ka ba? Paano kung mayroon nang naroon sa ospital ngayon nang dahil sa pagsabog na iyon?"** Hindi ko magawang makapagdahilan sa kaniya dahil ayaw kong ibaling kay Christian ang sisi. **"Napakainutil mo sa araw na ito, Cargosin! Pakiramdam ko ay ibang tao ang aking kaharap!"**

Hindi mo naiintindihan, dad, iba ang sitwasyong iyon.

"Ipinapangako kong aayusin ko ang lahat ng ito, dad," paniniguro ko.

"Dapat lang! Dahil hindi ko alam kung ano ang gagawin ko sa iyo kapag pumalpak ka pa sa susunod mong plano!" Nagbabanta ang kaniyang tinig. Lalo akong kinabahan na halos kumawala ang puso ko sa aking dibdib.

Nasisiguro kong gagawin niya anuman ang kaniyang sinabi. Mag-ingat ka, Cargosin.

Hindi na ako nagsalita pa. Tumango ako nang tumayo siya. Sandali niya pa akong pinukol nang masamang tingin bago niya tuluyang nilisan ang aking silid.

Napakamakapangyarihan ng aking ama upang hindi ito katakutan. Hindi ganito ang ugali niya noong nabubuhay pa si mommy. Nagbago siya nang pumanaw ito. Nakalulungkot pero wala na kaming magawa. Kasabay ng kaniyang pagtanda ay ang sakit na idinulot ng pagkawala ni mommy. Hindi man niya kami tinalikuran ay mararamdamang may kulang na. Nagkakaisa na lamang kami nang dahil sa galit at kagustuhang makapaghiganti.

Nawala na nang tuluyan ang pagmamahal sa tahanang ito. At iyon ang pinakanakalulungkot sa lahat. Kulang na kulang ang presensya ko at ng aking mga kapatid upang buhayin ang mansyon na ito gaya nang dati. Dahil hindi namin kailanman matatapatan ang liwanag at sigla na idinudulot ng aming ina.

LOVEMIR'S POV

"Hey! Hey! Hey!" Pigil ko sa tangkang paglapit ni Maxpein sa pinangyarihan nang pagsabog. Kunot-noo niya akong nilingon. **"Where do you think you're going?"** Hindi siya sumagot. **"Sa tingin mo ay maitutulong ka diyan?"**

"Wala. Pero kailangan kong pumunta—"

"Delikado!" halos sumigaw nang tugon ko. Lalong kumunot ang kaniyang noo. **"Nakita mo nang may sumabog, lalapit ka pa? Are you crazy?"**

"Tss. Pwede bang tumabi ka na lang at 'wag nang makialam?"

"No, you're not going anywhere," sabi ko, mas kumunot ang kaniyang noo. **"Don't give me such stare, you're not going anywhere. Baka mamaya ay mapaano ka, kargo de konsensiya ko pa."** Hinila ko ang braso niya 'tsaka tinanaw ang ilang tao sa itim na suit, mga abala sila sa pagtakbo.

"Bitiwan mo nga ako." Hinila niya ang sariling braso, tumaas ang kanang kilay ko. **"May kakilala ako dito kaya ako pumunta. Hindi ako sumugod dito para makiusyoso sa eksena,"** masungit pang aniya.

Tch. Ang tigas ng ulo ng babaeng 'to. **"Look at them?"** Itinuro ko ang mga taong 'yon sa pinangyarihan ng insidente. **"They are all busy! What can you do to help them? Huh? Marunong ka ba ng first aid? May ambulance training ka ba?"**

"May kakilala nga ako ro'n! 'Wag mo ngang pinababagal ang oras ko?" singhal niya.

"Sino naman ang kakilala mo ro'n? Ang *boyfriend* mo?"

"Oo!"

"Really?"

Nagtiim ang mga bagang niya, hindi na ako sumagot. Sa halip ay tinanaw ko ang pinangyarihan ng insidente. Nagkalat ang tao, mausok at nakaharang ang mga sasakyan.

"Nasaan ang boyfriend mo diyan?"

"Wala kang pakialam. Umuwi ka na," aniya 'tsaka tinalikuran ako.

Napabuntong-hininga ako at sumunod sa kaniya. **"Well maybe I can help, too."** Nilingon niya ako at sinamaan ng tingin pero tinaasan ko lang siya ng kilay. **"You know, if you really want to help other people in this kind of situation you have to move fast. You're not moving, you're staring...at me. Your boyfriend might caught you staring at me, be careful."**

"Sagabal ka, alam mo ba 'yon?"

"Sagabal? Saan?"

"Pinababagal mo ang oras ko!"

"Sino ba ang may sabi sa 'yong bigyan mo ako ng atensyon? Wala. Ikaw ang gumawa no'n nang kusa. Just go ahead, Maxpein, I'm on your back."

"Lumayo ka sa 'kin."

"Okay, I'll be beside you, then."

"Sinabi nang—"

"Woah there!" Umilag ako nang bigla niya akong lingunin. **"Bakit ba ang init ng ulo mo?"**

"Dahil nagmamadali ako—ang dami mong sinasabi!"

"Bakit nagagalit ka? Tinulungan na nga kitang makababa sa bus, ah!"

"Sino ba ang may sabi sa 'yong gawin mo 'yon?"

"Wala, kaya nga *tulong*, eh. Maswerte ka pa dahil naka-holding hands mo ako. Rare 'yon," sarkastikong sabi ko. Ngunit sinamaan niya lang ako ng tingin at muling tinalikuran.

Hindi ko na siya kinulit pa. Hindi ko rin malaman kung bakit ba hindi ko naman ugaling mangulit pero kinukulit ko pa rin siya. Tahimik akong tao

pero dumadaldal nang dahil sa kaniya. Nakakatuwa lang dahil parati siyang galit sa t'wing kakausapin ko siya. Masarap asarin dahil mukhang pikon.

Pinanood ko siyang lumapit sa itim na sasakyan kung saan nagmumula ang makapal na usok. Nang huminto siya ay 'tsaka ako sumunod. Ngunit huminto siyang muli bago lumampas sa police yellow line.

"Nasaan ang Chairman?" tanong niya sa isa sa mga tao. Mukhang kilala niya nga ang nagmamay-ari no'n kung gano'n.

"Pinapasok na po namin sa loob."

"Kumusta ang lagay niya?"

"Mabuti na lamang at naiiwas namin. Maayos po ang lagay niya, walang kayong dapat na ipag-alala." Bakas ang mataas na paggalang ng mga naka-suit kay Maxpein. Napangiwi ako.

"Nakilala niyo ba kung sino ang gumawa niyan?"

"Paumanhin, ngunit hindi po. Masyadong mabilis ang mga pangyayari." Nagsalita iyon nang nakayuko, hindi malaman kung sumobra sa respeto o natatakot.

"Kahit traffic, mabilis ang pangyayari?" kunot-noong tanong ni Maxpein, mahihimigan ang inis.

Seriously? Tch. Ano ang alam ng babaeng 'to sa ganitong klase ng insidente? She's really weird.

"Armado ang mga taong 'yon."

"Hindi ninyo rin namukhaan?"

"May suot silang itim na mask," napapahiyang paliwanag ng lalaking mukhang tauhan.

Sino naman kayang Chairman ang tinutukoy niya?

"Puntahan ninyo na ang Chairman. Maging alisto, mag-iingat kayo," pabulong na ani Maxpein ngunit narinig ko.

Tinanguan siya ng kaharap kaya mas ipinagtaka ko 'yon. Ngunit nagulat din siya nang pagbaling niya ay kaharap niya na ako.

"Tss," agad siyang suminghal. Tumaas na naman ang kanang kilay ko. **"Ano na naman?"**

"Ano ang alam mo sa ganitong klase ng insidente?"

"Marami," ngiwi niya, hind malaman kung namimilosopo o nagsasabi nang totoo. "Hindi katulad mong walang ibang ginawa kundi ang dumada. Alis." Gumawi siya sa likurang bahagi ng sasakyan kung saan nagmumula ang usok.

"May alam ka rin sa ganiyan?"Pinigilan ko ang matawa dahil hindi malabong hampasin niya na ako.

"Wala."

"Eh, bakit mo pa tinitingnan?"

"Wala ka ring pakialam."

"Ang sungit mo."

"Dahil sagabal ka. Tabi!" asik niya 'tsaka nilapitan ang mga pulis. **"May nasaktan ba?"**

Nakamot ko ang sentido habang pinapanood siya. *I can't believe she's doing this. May itinatago palang talento sa pagiging detective 'to.*

"Meron. Ilang tauhan ng Chairman," tugon ng pulis. **"Sunod-sunod na ang ganitong klase ng insidente dito sa school ninyo. Kailangang mag-ingat,"** nakangisi pa nitong sabi. Akma namang maglalakad si Maxpein papunta sa yellow lane nang pigilan siya nito. **"Hindi na kayo maaaring lumampas dito."**

"May kailangan akong puntahan."

"Bawal po."

"May titingnan ako—"

"Hayaan mo siya, chief." Nangibabaw ang tinig ng isa sa mga tauhan na kanina'y kausap ni Maxpein. **"May dapat lang siyang tingnan,"** dagdag pa nito. Bahagyang kumunot ang noo ng pulis ngunit agad din nitong hinayaan si Maxpein na tumawid sa yellow line.

Sumunod naman ako. **"Anong gagawin mo dito?"** tanong ko. Pero dumeretso na siya sa ambulansya at sumilip doon.

Nakisilip din ako. At gano'n na lang ang gulat ko nang makita kung sino ang nasa loob. **"Eerah!"** naibulalas ko.

"Lovemir..." Nagulat si Eerah.

Aligaga akong lumapit sa kaniya. Tiningnan ko ang kabuuan niya. May kaunting galos sa mukha, marumi ang may punit nang suot. May gasgas siya sa ilang bahagi ng braso at gano'n na rin sa tuhod.

"What happened to you?" bulalas ko. Hinayaan niya akong hawakan ang kaniyang braso at mukha. **"Tell me what happened?"**

"There was an explosion. I don't know," umiling siya nang umiling.

"What? Ibig mong sabihin ay napasama ka ro'n sa pagsabog?"

"I'm one of the injured," nilingon niya ang ilan pang ginagamot. "Lohr was running after me, may naiwan akong gamit." Agad na pumait ang mukha nang marinig ang dahilan niya. "That's when the

explosion occurred. Nagpagulong-gulong kaming pareho ni Lohr dahil sa lakas ng impact."

Nilingon ko ilan pang naroon. Ang karamihan ay umiiyak pa rin sa takot, hindi malaman ang gagawin. Tuluyan nang huminto ang daloy ng trapiko. Ang mga motoristang hindi pa nakikita ang nangyayari ay panay ang pagbusina dahil sa galit.

"It didn't seem real, it was unbelievable and unexpected. I had no idea how to react. I had no choice but to run after the screaming people. My mind was filled with panic and terror, my focus was to get out of this place." Tulalang nagkwento si Eerah.

"Babe..." Nangibabaw ang tinig ni Deib Lohr, agad ko naman itong nilingon.

Nakatingin na sila ni Maxpein sa isa't isa. Nakaupo siya habang nakatingala sa nobya. Magkasalungat kami ni Maxpein habang nakakatalikod naman sina Deib Lohr at Eerah sa isa't isa. Kasalukuyan silang nakaupo sa likurang bahagi ng magkaibang ambulansiya.

"May sumabog, babe," nakangusong sabi nito. Gustuhin ko man ang matawa ay hindi ko magawa dahil okupado ni Eerah ang isip ko.

Parang bata. Tch.

"Narinig ko," kaswal na tugon ni Maxpein. Kakaiba silang mag-usap.

"Hindi ako 'yong nagpasabog, babe, kusang—"

"Ayos ka lang ba?"

"Ayos lang, babe."

Lumapit si Maxpein sa nobyo at gaya ko ay tiningnan kung ang lagay nito. Normal naman sana 'yon pero hindi ko maiwasang ngiwian ang sitwasyon nilang dalawa. Parang may mali, parang baliktad. Marahil ay dahil sa pagiging isip-bata ni Deib Lohr.

"Lovemir?" pagtawag ni Eerah dahilan upang matinag ako.

"Yes?"

"You came here together?"

"Yes."

"Why are you together?"

"May tour kasi kami. Pabalik na kami nang marinig namin ang pagsabog," muli akong naalarma. **"Ayos ka na ba? May masakit ba sa 'yo? Dadalhin kita sa ospital."**

"No, I'm okay. Kaunting galos lang 'to at nabigyan naman na ng paunang lunas," mapait niyang sabi. Saka bumaling kay Deib Lohr. **"Are**

you okay, Lohr?" Si Maxpein ang unang lumingon kaya nagtama ang kanilang paningin. **"We were together again, I'm so sorry."**

"It's okay," malamig na tugon ni Maxpein. **"Ayos ka lang ba?"** Kahanga-hangang kinukumusta niya pa ang taong, kung ibang babae ang kaharap ay nagselos na malamang.

"Yeah, thanks," sarkastikong tugon ni Eerah. Saka tumanghod upang sulyapan si Deib Lohr. Nagtama ang mga paningin nila. Sabay rin kaming napalingon ni Maxpein sa nobyo niya. **"I hope you're fine, Lohr."**

"Ikaw ba? Sigurado kang ayos ka lang?" nag-aalalang tugon ni Deib Lohr.

Kumunot ang noo ko. *Ano ba ang nangyari at ganiyan sila kung magkumustahan? Hindi ba nila nagawa 'yan kanina?*

Hindi na nila nagawang makapag-usap pa dahil lumapit ang mga nurse na mukhang naka-assign sa ambulansyang 'yon. Mga nurse iyon ng BIS Hospital nasisiguro ko. Kinausap ng mga ito sina Eerah at Deib Lohr, nakipagtanguhan at muling tiningnan ang kanilang mga galos.

"Mas maganda pa rin po kung magpapatingin kayo sa ospital," dinig kong suhestiyon ng male nurse.

Kunot-noo akong lumapit kay Eerah. **"Bakit? Ano ba ang nangyari sa kaniya?"**

"Relative po ba kayo ni Ms. Rewis?"

"Yes."

"Napalakas po yata ang pagkakabagsak niya kanina. Tumilapon po sila, nagpagulong-gulong at aksidenteng naituon niya ang kaniyang kaliwang braso. Hindi niya ito maigalaw ngayon at sa tingin po namin ay mainam na dalhin niya ito sa ospital para ipatingin," paliwanag ng nurse.

Nilingon ko si Eerah. *Bakit hindi mo sinabi?* "I'll take you to the hospital," prisinta ko. Agad akong umalalay ngunit iniiwas niya ang braso.

"Ayos nga lang ako."

"Pero Eerah, baka may bali ka."

"Kaya kong pumunta sa ospital nang mag-isa."

"Sasamahan na kita."

"There's no need to do that, Lovemir. I'm fine."

"'Wag ka naman nang magpapilit, oh? I'm worried about you, Eerah."

"Hindi mo naman nga kailangang mag-alala dahil ayos lang ako. Please, I can take care of myself, Lovemir. Just go home, I know you're tired. Go home and rest."

"Kahit ito na ang uli," nakikiusap kong sabi. **"Allow me to take you to the hospital."**

"Wala nang huli, Lovemir, I can take care of myself," pagmamatigas niya 'tsaka tumayo.

Kamalas-malasang hindi niya nakita ang paa ng nurse. Natapakan niya iyon at nawalan ng balanse. Agad akong kumilos ngunit huli na ang lahat, naunahan ako ni Deib Lohr. Kahanga-hangang mas malayo si Deib Lohr kay Eerah kompara sa 'kin pero nagawa niya itong saluhin. Makikitang hindi niya maikilos nang ayos ang braso ngunit nagawa niya pa ring alalayan sa baywang si Eerah. Tumaas ang kilay ko nang makitang ang kanang kamay niya ay nakaalalay naman sa siko nito. Sandali pa silang nagkatitigan habang ako naman ay kunot-noong nanonood sa kanila.

Unbelievable.

Hindi ko gusto ang paraan nila nang pagtingin sa isa't isa. Pakiramdam ko ay napakalalim niyon, bagay na hindi naman kailangan sa isang taong nag-aalala lang sa kakilala. Hindi ko maiwasang mapatitig sa kamay ni Deib Lohr na nakaalalay kay Eerah, pakiramdam ko kasi ay mahigit na iyon sa limitasyon.

"Nahihilo ka ba?" nag-aalala ang tonong ani Deib Lohr. Tumaas muli ang kilay ko.

"I'm fine, thanks, Lohr,"mahinang ani Eerah.

Pareho silang nagulat nang kalasin at tapikin ko ang mga kamay ni Deib Lohr sa katawan ni Eerah. Sisinghalan ko na sana si Deib Lohr nang malingunan ko si Maxpein. Walang kasinsama ang mga titig niya, kinukuwestiyon ang paraan ko nang pagtapik sa kamay ng nobyo.

"Sasama na ako sa ospital,"bigla ay bumaling si Eerah sa nurse.

"Sumabay na rin po kayo sa 'min, sir," baling naman ng nurse kay Deib Lohr.

Agad na sumakay si Deib Lohr sa ambulansya saka bumaling sa nobya. "Are you coming with us, babe?"

"May lugar pa ba ako dyan?" seryosong tugon ni Maxpein.

Napalingon ako sa kaniya. Hindi ko malaman kung bakit iba ang pakahulugan ko sa kaniyang linya. Pakiramdam ko ay hindi iyong puwesto sa ambulansya ang tinutukoy niya kundi ang lugar sa puso ng

kaniyang nobyo. Ako man sa sitwasyon niya ay magseselos, iyon na nga talaga ang nararamdaman ko. Hindi ko alam kung bakit wala namang ginagawang masama sina Eerah at Deib Lohr pero nagseselos ako. Alam kong binibigyan ko ng kahulgan ang mga kilos nila at hindi 'yon tama.

'Ayun na naman 'yong hindi mapangalanang reaksyon sa mukha ni Maxpein. Sa unang tingin ay parang wala siyang interes o pakialam. Pero ang pag-aalala ay nagtatago sa kaniyang mga mata. Pag-aalala sa maraming bagay.

Nararamdaman niya rin kaya ang nararamdaman ko? Nakikita niya rin ba ang mga bagay na nakikita ko? Tch. Imposible namang pareho kaming mag-isip ng isang 'to dahil lugi ako. Masyado lang siguro akong napapraning.

Sumakay kaming apat sa ambulansya. Magkatabi kami ni Eerah habang nasa harapan namin ang dalawa. Hindi ko naiwasang sulyapan iyong dalawa, magkasalungat ang tingin nila sa isa't isa. Si Deib Lohr ay nakatingin sa mga nurse na tahimik na nag-uusap. Habang si Maxpein naman ay nasa kalsada ang tingin.

Tch. Ganiyan ba talaga sila?

Nilingon ko si Eerah, nasa malayo rin ang paningin niya. Bahagya ko siyang dinunggol gamit ang balikat ko kaya nilingon niya ako sabay kunot-noo.

"Ihahatid kita mamaya pauwi," bulong ko. Nagsalubong namang agad ang mga kilay niya. **"Ihahatid kita o iisipin kong may gusto ka sa kaniya?"**

"Kanino?"

"Kanino pa ba?"

"Huh!" natawa siya kunyari.

Nagtaas naman ako ng kilay. **"Walang nakakatawa sa sinabi ko, Eerah."**

"Sa sinabi mo wala, oo. Pero sa 'yo mismo, meron," sarkastiko niyang sabi.

Muling tumaas ang kilay ko. **"Ano ang nakakatawa ro'n?"**

"Na umasta kang nagseselos?"

"Hindi ako umaasta, nagseselos talaga ako."

"Bakit?"

"Dahil mukhang type mo siya?"

"Ano ang pakialam mo ro'n?"

"Eerah?"

"Look, Lovemir, we're over. *Over*."

"Pero hindi sa commitment natatapos ang kakayahan ng puso kong magselos, Eerah."

"Psh," pasinghal niyang iniwas ang paningin.

"I'm not joking. I'll take you home," pagtatapos ko sa usapan. Saka muling sinulyapan ang mga kaharap. Wala man lang nagbago sa hitsura ni Maxpein.

Halos mapuno ng pasyente ang emergency room, marahil ay dahil sa insidente. Abala ang lahat, ang ilan ay nagmamakaawa pang matulungan. Palibhasa'y kilala si Deib Lohr, hindi siya napabilang sa mga 'yon. Napapabuntong-hininga akong umiling, itinago ang inis.

Nilingon ko si Maxpein na ilang dipa ang layo sa 'kin. Magkakrus ang kaniyang mga braso habang deretsong nakatingin sa nobyo. Kasalukuyan itong iniuupo sa katabing bed ni Eerah. Sandali kong pinanood ginagawa ng mga nurse saka ko nilingon si Maxpein. Kakatwang mukhang naramdaman niya ang paningin ko. Bagaman hindi siya deretsong tumingin sa 'kin ay sinulyapan niya ang gawi ko.

Kakaiba talaga siya. Tch.

Nilapitan ko siya. Kakatwang sabay pa kaming napabuntong-hininga. **"Kung alam ko lang na ganito kadelikado sa lugar na 'to, sana ay sa kabilang school na lang ako nag-enroll,"** biro ko. Hindi siya nagsalita. **"Tama ang sinabi ng pulis kanina, napapadalas ang ganitong klase ng insidente."**

"Hindi ko nga alam kung paanong may nakaka-graduate pa sa school na 'to, e," hindi ko malaman kung seryoso o natatawa bang aniya. Tumaas naman ang kilay ko. **"Hindi na bago ang insidente sa school na 'to. Saksi ako sa ilan sa mga 'yon. Pero malala ang sunod-sunod na pangyayaring 'to."**

"Ano ang ibig mong sabihin?"

"Kung dati ay away-estudyante lang ang meron dito, mukhang ibang level na ngayon," doon pa lang siya ngumisi at lumingon sa 'kin. **"Mukhang may kailangan sila sa Chairman ng mga Enrile."**

Kumunot ang noo ko. **"Si Chairman Enrile?"**

"Kilala mo?"

"Lolo sa tuhod ng *boyfriend* mo—oo, kilala ko."

Nangunot ang noo niya. "Bakit kailangang may diin parati kapag sinasabi mo ang salitang 'yan?"

"Gusto ko lang," nagkibit-balikat ako saka muling nilingon sina Eerah. Nakasakay na siya sa wheelchair na tulak ng male nurse. **"Where are you taking her?"**

"Sa x-ray room po."

Tumango ako. **"Pwede ba akong sumama?"**

"Hindi po, sir, dito na lang po kayo."

"Magiging ayos ka lang ba ro'n?" baling ko kay Eerah.

Ngumiwi siya. "Wala naman sigurong nare-rape sa pagpapa-x-ray, 'di ba?" sarkastikang baling niya sa nurse, natawa naman ito. **"Maging ayos lang ako, Lovemir, wala naman sigurong masasamang tao dito."** Inilinga niya pa ang paningin. **"At mas magiging ayos ako kung uuwi ka na muna. I don't need you around,"** iwinasiwas niya pa ang kamay na animong pinapaalis na ako.

"No, I'll stay here and I'll take you home when everything is done."

"Psh," pairap niyang inalis sa 'kin ang paningin 'tsaka sinenyasan ang nurse.

Sinundan ko sila ng tingin pero naagaw ng pagdaan ni Maxpein ang atensyon ko. Lumapit siya sa nobyo at pinakatitigan ang ginagawa ng mga lalaking nurse dito. Panay ang impit na ingit ni Deib Lohr habang ginagamot ang sugat niya sa magkabilang siko. Hindi ko napansin ang mga sugat na 'yon, paniguradong gano'n din si Maxpein. Ngayon ay alam ko na kung saan nagmula iyong mga patak ng dugo sa suot niyang uniporme.

"Dahan-dahan," pakiusap ni Deib Lohr, nakaamba ang kamay.

"Hinga lang po kayo nang malalim, sir."

Pinanood ko si Maxpein na panoorin ang nobyo. Hindi ko maintindihan kung bakit nananatili siyang tahimik habang nasa kaniya naman ang lahat ng karapatan para kausapin ang nobyo. Hindi ko napigilan ang sarili kong lapitan siya muli. May kung ano parati sa 'kin na gustong malaman kung ano ang laman ng isip niya. Nakakaloko.

"He'll be fine," mahinang sabi ko.

Hindi man lang ako nilingon ni Maxpein. Palihim akong nangiti. Ang mga ganoon niyang gawi ay kakatwa para sa 'kin. I don't know why her actions always felt like she knows my moves, like she's expecting it, like she's already watching me in her mind in advance.

"Mukhang malalim ang sugat niya pero kaya niya naman siguro 'yan," dagdag ko.

"Wala naman siyang magagawa kundi ang kayanin."

"Bakit parang galit ka?" biro ko. Nilingon niya ako. **"Masyado kang tahimik, kanina pa. Ayos ka lang ba?"**

"Oo naman."

"Tch. Nakakatawa lang na hindi ka mukhang nag-aalala, Maxpein. Please don't get me wrong," ngisi ko.

"Paano ba dapat ang hitsura ng nag-aalala, Lovemir?"

"Bakit hindi mo kausapin ang *boyfriend* mo?"

"Ginagamot pa siya, pwede ko naman siyang kausapin kapag tapos na."

"Hindi ka naman nagseselos, hindi ba?" pandederetso ko.

Hinarap niya ako at tinitigan. Ang angas ng dating. Tila nais niyang hanapin ko sa kaniyang kabuuan kung alin doon ang nagpapatunay na nagseselos siya.

"Mukhang hindi naman," kunyaring sagot ko sa sarili.

Mayamaya lang ay bumalik si Eerah. Agad siyang sumimangot nang magtama ang paningin namin. Ipinilig ang ulo sa kabilang banda at itinuon ang noo sa kanang kamay. Ngunit kataka-takang nagliwanag ang mukha niya nang makitang nakaupo na si Deib Lohr sa kama.

"Okay ka na?" masaya niya pang tanong dito, nakangiti namang tumango ang binata.

"Ikaw?"

"Sesementuhan daw 'tong braso ko," nakasimangot na namang tugon niya.

"Sana ay maging ayos ka na, Eerah."

"Thank you, Lohr."

"Tch, ako nga ang dapat na magpasalamat sa 'yo." Tumayo si Lohr at hinawi ang kurtina sa pagitan nila. Pinanood niya pa kung paanong inalalayan ng male nurse si Eerah papaupo sa kama. **"Hindi ko alam kung paano kitang mapasasalamatan sa ginawa mo kanina."**

Ginawa? Ano ang ginawa niya sa kaniya? Tch.

"Psh, tumigil ka nga. Kahit na sino ang nasa sitwasyon ko kanina ay gagawin ang ginawa ko," matamis ang ngiting ani Eerah. Tumaas ang kilay ko.

"Pero aaminin kong ikaw ang huling tao na maiisip kong gagawa no'n. Salamat."

"Talaga?" Nakasimangot kunyaring tanong ni Eerah 'tsaka ngumisi. **"Bakit? Sino ang una sa listahan mo?"**

Sandaling natigilan si Deib Lohr saka dahan-dahang nilingon si Maxpein. Parang hindi niya man lang naramdaman ang mga mata ng nobya na kanina pang nakatuon sa kaniya. Hindi pa rin inaalis ni Maxpein ang pagkakakrus ng mga braso, kahanga-hangang natatagalan niya 'yon. Hindi natinag si Maxpein sa tingin ng nobyo. Bumalatay naman ang pag-aalala sa mukha ng lalaki. Agad itong lumapit sa nobya at sinalubong ito nang pilit na ngiti.

"Babe."

"Hindi ka pa ba uuwi?"

"Oo." Nakamot ni Deib Lohr ang ulo. Tumaas ang kilay ko sa iniasta niyang 'yon. Bumaling siya sa kadaraan lang na male nurse. **"Pwede na ba akong umuwi?"**

"Hindi pa po, baka kung mapaano kayo."

"Ayos na ang pakiramdam ko. Itong sugat ko naman ay ginamot niyo na."

"Pero, sir—"

"Kailangan ko pa kasing tingnan ang lolo ko," sinserong ani Deib Lohr, nakikiusap.

"Kausapin po muna natin si dok," nag-aalalang sabi ng nurse saka lumapit sa nasabing kasamahan.

Nilingon ni Deib Lohr ang nobya. **"Itatanong ko muna kung pwede na kaming umuwi, ha?"**

"Ikaw, pwede na. 'Yong iba ay hindi pa," walang emosyong ani Maxpein. Gusto kong matawa.

Natigilan si Deib Lohr ngunit agad na nag-recover. **"Ako pala, babe,"a**niya saka dali-daling lumapit sa nurse.

Sumipol ako. Nilingon ako ni Maxpein. **"Kakaiba talagang magselos ang mga babae, 'no?"** natatawang bulong ko.

Nag-iwas siya ng tingin. **"Kakaiba rin silang lumandi, eh,"** mapait na aniya habang nakatingin kay Eerah.

Bahagya akong nagulat. **"What are you trying to say?"**

"Something that you will never understand," maangas na aniya saka ako tinalikuran.

Tch. Weird ka kaya kahit na sino ay hindi ka maiintindihan.

Sinundan ko siya ng tingin. Lumabas siya ng E.R. at mukhang doon na lang balak na maghintay. Ilang sandali pa ay natanaw kong papalabas na rin si Deib Lohr. Nilingon niya lang si Eerah at agad na lumabas. Pinanood ko pa ang sandaling pag-uusap ng magnobya. Nasa mukha ng lalaki ang pag-aalala habang blangko pa rin ang mukha ng babae. Nakangusong lumingon si Deib Lohr kay Eerah saka sila tuluyang lumayo sa lugar na 'yon.

Pinakinggan ko ang mga habilin ng doktor kay Eerah. Ilang saglit pa bago natapos na masementohan ang braso niya. Nakasimangot pa rin siya nang makalapit ako. Napakarami kong gustong tanungin pero hindi ko na sinubukan pa. Dahil alam ko namang hindi niya 'yon sasagutin. Ilang beses ko pa siyang pinilit bago ko tuluyang napapayag na maihatid siya sa bahay.

DEIB'S POV

Hindi ko alam kung paano akong magpapaliwanag kay Taguro. Hindi man niya sabihin ay nararamdaman kong nagseselos siya. Mali, kahit hindi niya iparamdam, simula pa lang ay alam ko nang magseselos siya. Pero masyado siyang tahimik tungkol sa nangyari. Wala siyang ibang ginawa kundi ang kumustahin ang lagay ko. Paulit-ulit niyang ginagawa 'yon bagaman paulit-ulit na rin ang isinasagot ko.

Hindi ko maintindihan kung bakit ganito ngayon ang nararamdaman ko. Alam kong hindi ito tama pero nagpapatuloy pa rin sa pagpaparamdam sa 'kin.

Aaminin kong humanga ako nang todo sa ginawa ni Eerah Anitha kanina. Nang marinig niya ang pagsabog ay agad niya akong hinila papalapit at sabay kaming nagpagulong-gulong sa lupa. Masakit dahil may maliliit na tipak ng bato kaming nagulungan. Ngunit batid kong naging mas masakit 'yon para sa kaniya.

Matapos naming magpagulong-gulong sa lupa ay nahinto kami nang siya ang nasa ibabaw ko. Nakatingin kaming pareho sa isa't isa, matagal at malalim ang titigang 'yon. Hindi ko alam kung bakit sa unang pagkakataon ay nagawa kong tagalan ang presensya ni Eerah Anitha. Sa unang pagkakataon din ay hinayaan ko siyang madikit sa 'kin. At sa unang pagkakataon ay hinayaan ko siyang halikan ako.

Hindi ko makalimutan ang malambot niyang balat...ang kaniyang mga labi. Damn it, Deib Lohr! Ano ba ang iniisip mo?

Sa oras din na 'yon ay binalot ako nang kakaibang kaba. Kaba na hindi ko alam kung paanong papalisin o pahihintuin. Natatakot ako sa presensya ni

Taguro. Natatakot ako dahil maaaring malaman niya ito. Natatakot akong dumating ang oras na hihingan niya ako ng eksplanasyon.

Bakit kailangang mangyari ang bagay na 'yon? Damn it! Ano ba ang ginawa ko?

Hindi akma ang ginawang 'yon ni Eerah Anitha sa sitwasyon. Hindi ko rin alam kung bakit kailangang mangyari pa. Hindi ko makalimutan ang lahat ng nangyari simula nang sumabog ang sasakyan ng Chairman hanggang sa magpagulong-gulong kami. Na natapos sa isang matamis na dampi ng labi ni Eerah Anitha sa 'kin.

Isang malaking gulo ang pinasok mo, Deib, isang malaking gulo na mahirap lusutan.

"Pupuntahan natin ang Chairman," pagbabasag ni Taguro sa katahimikan.

Kung may iba pa siyang sinabi ay hindi ko alam, iyon lang ang aking narinig. Agad akong natinag at nagmadaling sumunod sa kaniya. Hindi ko man lang napansing may dalawang dipa na pala ang layo ko sa kaniya.

"Oo, babe."

"Mukhang siya na naman ang target ng mga 'yon."

"Sinong 'yon, babe?"

"Kung sino man ang may pakana ng pasabog na 'yan."

"Mukha nga, babe, kasi 'yong kotse ni Chairman ang pinuntirya nila."

"Si Chairman mismo ang puntirya, Deib."

Deib? Tinawag niya ba akong Deib? Aligaga akong lumapit. **"Babe?"**

"Oh?" tugon niya, hindi man lang ako nilingon.

"Bakit hindi mo ako tinatawag ng babe ngayon?" Hindi siya sumagot, ngumuso lang ako. **"Bakit ang bilis naman yata ng tour ninyo?"**

"Hindi ka ba natakot kanina?" Malayo sa tanong ko ang isinagot niya.

Sandaling kumunot ang noo ko saka muling ngumuso. **"Syempre, natakot."**

Nakangiwi siyang tumango. "Hindi ka mukhang takot ngayon."

"Natatakot pa rin ako pero nandito ka na kaya ayos na ako,"ngiti ko.

"Mukhang may proxy naman kapag wala ako," aniya, saka pasiring na inalis sa 'kin ang paningin.

Doon ko lang namalayang nasa opisina na pala kami ni lolo. Nagulat ako nang makitang nandoon na ang buong pamilya ko at lahat sila ay alalang-

alala sa lagay ko.

"Oh, my god, Deib Lohr!" sinalubong ako ni mommy.

"Are you okay, son?" tanong ni daddy, agad akong tumango. **"We've been looking for you."**

"Pero hindi kami pinayagan na lumapit sa scene dahil delikado raw para sa 'min. Kahit sinabi na ni Maxpein na magkasama kayo ay hindi ako mapakali!"pinangiliran ng luha si mommy.

"My god, I can't believe that this is happening! Sunod-sunod na!" palahaw naman ni *Noona*. **"Natatakot ako sa pwedeng mangyari sa mga susunod pa. Why is this happening? Ano ang ginawa natin para ganituhin nila tayo?"**

Sandaling nangibabaw ang katahimikan bagaman naroon pa rin ang pag-aalala sa kanilang mga mukha. Nilingon ko ang Chairman, nakapikit siya, mabilis ang paghinga, habang inaasikaso pa rin ng dalawang doktor na kadalasang dumudulog sa kaniya.

"Chairman," naglakas-loob akong magsalita. Dumilat ito upang tingnan ako. **"Ayos lang po ba kayo?"**

"Oo, apo, maayos ang lagay ko, ikaw ba?"

"Ayos lang naman po, nanggaling na po ako sa ospital."

"Ano ba naman ang ginagawa mo ro'n?" Doon siya nagsimulang suminghal, tumiklop naman agad ako. **"Aba'y nagulat na lamang ako nang malaman kong naroon ang aking apo! Ano ang ginagawa mo ro'n nang sandaling 'yon, Deib Lohr?"**

Ipinaliwanag ko ang dahilan kung bakit nandoon ako nang mangyari ang pagsabog.

"Paano kung napahamak ka?"

"Hindi ko naman alam na may mangyayaring gano'n, Chairman," nakangusong sabi ko.

Bumuntong-hininga naman siya 'tsaka lumingon kay Maxpein. **"What is she doing here? May maitutulong ba sa atin ang isang 'yan?"**

"Chairman..." Lumapit ako sa kaniya. **"Sa tingin ko ay kailangan na nating humingi ng tulong sa mga Moon," wala sa sarili kong sinabi bagaman hindi nagsisisi.**

"Ano ika mo?"

"Chairman," sumusukong tawag ko. **"Wala tayong alam pagdating sa mga ganitong bagay—"**

"At sila ay mayroon?"

"Hindi naman sa gano'n, Chairman. Pero sa tingin ko ay malaki ang maitutulong nila sa 'tin. Sunod-sunod na ang mga ganitong pangyayari. At natatakot ako para sa lagay ng pamilya natin."

"Tinanggap ko na ang tulong nila noon patungkol sa mga tauhan na 'yan—na wala rin naman halos pakinabang sa akin. Sa tingin ko nga ay kanina ko lamang sila napakinabangan," ngumisi ang Chairman. **"Nang magawa nila akong iiwas sa pagsabog na iyon."**

"Kakausapin ko si Chairman Moon na kung maaari ay tulungan niya tayo sa mga nangyayari," sa wakas ay nagsalita si lolo. May kung ano sa puso kong nagdiwang.

"Ano?" palahaw na naman ni Chairman. **"Hindi natin gagawin ang bagay na iyan, Dei Min!"**

"Iba na ang sitwasyon ngayon, Chairman. Maski ang apo nating ito ay natatakot na sa mga nangyayari."

"Marami ang pulis sa Pilipinas, Dei Min! Bakit tulong ng mga Moon ang iyong kakailanganin?"

"Dahil sila ang pinakamalapit na taong maaaring tumulong sa atin."

"Hindi! We don't need their help!" singhal ng Chairman, namula agad sa galit.

Natahimik ang lahat at nagbaba ng tingin. Nangibabaw ang tensyon. Ang tanging maririnig sa opisinang 'yon ay ang magkakasunod at malakas na paghahabol ng hininga ng Chairman.

"Sa mga ganitong klase ng problema, bakit nandiyan ang presensya mo, hija?" mayamaya ay bumaling si Chairman kay Taguro. Kumunot agad ang noo ni Taguro. **"Hindi kaya may kinalaman ang pamilya mo sa mga pangyayaring ito?"**

"Chairman?" nauutal na sambit ko.

I can't believe he said that! Napapahiya kong nilingon si Taguro. Siya man ay nagulat. Bigla ay gusto kong humingi ng paumanhin.

"Hindi magandang biro 'yan, Chairman Enrile." Pinilit ngumiti ni Taguro, mahihimigan ang pagkainsulto.

"At sino naman ang nagsabi sa iyo na nagbibiro ako?"

"Sino rin ang may sabi sa inyo na pwede kayong magsalita nang ganiyan laban sa pamilya ko?" agad na tugon ni Taguro, ikinabigla 'yon ng lahat.

"Hindi mo kailangang magalit agad, hija," nakakalokong ngumisi si Chairman.

"Ipapaalala ko lang ho sa inyo..," panimula ni Taguro, nagsisimula nang magalit, nasisiguro ko. **"Nang unang beses na mangyari ang ganitong bagay ay nando'n kayo sa teritoryo namin. Kayo ang bisita at hindi kami."**

"Kung ganoon ay ano ang ibig mong sabihin?"

"Pribado ang lugar na 'yon, limitado lang ang taong nakararating. Kung kami rin lang ang susundan ay imposibleng magawa nila 'yon. Pero bukod sa kayo na ang puntirya ay nagawa pa kayong sundan. Nangyayari lang 'yon sa mga taong walang iniingatang kilos."

"Ah, nabanggit nga sa 'kin iyan ng iyong lolo."

"Tahimik kami kung kumilos, iyong tipong walang nakakaalam. Hindi kasing ingay ng isang 'to."

"Ah, kaya ba ipinagmamalaki mong hindi kayo ang may pakana nito?"

"'Wag ninyo kaming pag-iisipan nang ganiyan at idadaan sa biro, Chairman."

"'Wag mo akong pagsabihan!"

"Banta 'yan, makinig ka na lang."

"Taguro," awat ko.

Hindi ako makapaniwalang maglalakas-loob siyang sagutin nang ganito ang Chairman sa harap ng pamilya ko. Pero gusto ko pa ring humingi ng paumanhin dahil alam kong mali ang Chairman namin.

"'Wag ka na lang sumagot,"pakiusap ko.

"Heto ba ang ipinagmamalaki mo, Deib Lohr?" Isinenyas ni Chairman si Taguro, napayuko agad ako. **"Alin? Ang basagulerong dalagitang ito? Ha!"**

"Dad," sa wakas ay sumabat si lolo, nang-aawat ang tinig. **"Huwag ninyong pagsalitaan nang ganiyan ang bata. Minsan nang nakatulong sa 'tin ang pamilya nila, hindi maganda ang inyong biro. Kung ako ang tatanungin, sa tingin ko ay kailangan pa nga natin ang kanilang tulong."**

"Sinabi nang hindi natin gagawin iyon!" nanggagalaiting sigaw ng Chairman. **"Tayo mismo ang magtutulong-tulong! Hindi kailangan ni Deib Lohr ang babaeng 'yan upang maging ligtas! Hindi natin kailangan ng tulong ng mga Moon!"** pinagkadiinan ni Chairman ang huling sinabi.

"Kung gano'n ay hindi ko rin kailangan ng pahintulot ninyo para maprotektahan ang taong mahal ko," mas mariing ani Taguro na siyang ikinatinag ng lahat.

Hindi ko maipaliwanag ang nararamdaman ko. Nagulo ang isip ko, naghalo-halo ang emosyon. Hindi ako makapaniwalang nangyayari ang lahat nang ito ngayon sa harap ko.

OceanofPDF.com

CHAPTER 183

MAX'S POV

TUNOG NG cellphone ang gumising sa 'kin kinabukasan. Napapabuntong-hininga kong tiningnan kung sino ang tumatawag.

"Chairman Moon," sagot ko.

Tumikhim muna ito. **"Wala kayong klase ngayon,"** panimula niya. Sinulyapan ko ang orasan. **"Tinawagan ko ang dean, nabalitaan ko ang nangyari kahapon. Pumarito ka sa mansyon. Dito ka na lamang mag-agahan at mananghalian."** Hindi iyon imbitasyon kundi utos. **"May bagay tayong pag-uusapan."**

Wala naman akong choice. Tss. **"I'm on my way, Chairman,"pabuntong-hininga kong sagot saka hinintay siyang ibaba ang linya.**

Agad akong binalot ng tanong. At hindi ko alam kung paanong sasagutin ang mga iyon. Masyadong marami at sunod-sunod. Para iyong uumapaw na tubig, at timba ang ulo ko, punong puno.

Agad akong bumangon upang maligo. Habang nakatutok sa shower ay tinabunan ako ng mga isipin tungkol kay Sensui. Naninibago ako sa kaniya kahapon. Tuloy ay hindi ko maiwasang may problema kami. Pilit kong iniisip kung ano ang meron sa pagsabog at sobra siyang kapani-panibago. Lutang siya at halatang wala sa sarili. Pilit ko na lang na pinaniniwala ang sarili kong epekto 'yon ng insidente, posible. Hindi ko malaman kung may kakaiba ba talaga sa kilos niya o sumosobra lang ako sa pag-iisip, napapraning.

Matapos kong makipagtalo kapahon sa Chairman nila ay hindi na namin nagawang makapag-usap pa. Basta niya na lang akong inihatid sa bahay. Hindi ko siya magawang komprontahin dahil ayaw kong maipit siya. Batid kong hindi niya rin nagustuhan ang naging pakitungo sa 'kin ng Chairman. Kilala ko na kahit papaano ang ugali nito. Hindi ako kailanman umasang magiging maayos ang trato sa 'kin ng senyor.

Wala pa rin sa sarili si Sensui nang ihatid ako. Naiintindihan ko dahil parati siyang gano'n sa t'wing may hindi inaasahang pangyayari.

Nakapanlulumo lang isipin may bumabagabag sa kaniya, gusto ko mang alamin iyon ay parang wala akong puwang para magkwento. Ayoko na lang gumawa ng sariling konklusyon.

"Oh, bakit ganiyan ang ayos mo?" Nagtatakang bungad ni Beka nang makababa ako. Abala sila ni Boy sa paghahain ng agahan.

"Wala kaming pasok," tugon ko.

"Ha?" Nangibabaw ang tinig ni Naih mula sa kwarto. **"Bakit walang pasok? Sino ang may sabi?"** Nagmadali siyang lumapit. **"May lakad ka?"**

Syempre, sunod-sunod na naman ang tanong niya.

Bumuntong-hininga ako at dumulog sa mesa. **"Hindi pa ba tapos 'yan?"** baling ko kay Boy.

"Heto na, madam! Ang aga-aga, napakainit ng ulo!"

"'Wag bigyan ng kape 'yan, ah? Bigyan ng yelo," biro ni Beka.

"Kakain na rin muna ako," ani Naih saka naupo, nakasabit pa sa balikat ang tuwalya. **"Ano 'ka mo, Max? Walang pasok? Sino ang may sabi? Saka bakit ganiyan ang suot mo, may lakad ka ba?"**

Tumikom ang bibig ko. *Inulit na naman niya.*

"Uuwi ako sa mansyon. Oo, walang pasok."

Natinag kaming lahat nang bumaba si Yaz. **"Balitang-balita ang nangyari sa harap ng school ninyo kahapon."**

"Kape lang ang sa 'kin," sabi ko.

"Ano nga ba ang nangyari?" ani Beka, nagsimula silang kumain.

Eksaheradang nagkwento si Naih."Pero dahil nga bida si Maxpein, nagmamauna siyang bumaba. Hindi kasi ako nakababa ng bus dahil may anghel na may hitsurang demonyo sa pintuan, si Chupan. Aba, masasabi kong anghel siya dahil kung iniwan niya kami ay baka kung ano na ang nangyari sa 'min, 'di ba? Pero hindi niya kami pinabayaan. Hindi nga lang ako nakapanyismis. Si Maxpein ang tanungin ninyo dahil nando'n siya, takbu-takbuhan kasama ang Lovemir," may himig ng panunukso sa huli niyang sinabi.

"Ano ang nangyari?" tanong ni Boy, nakasugod nang bahagya ang mukha sa 'kin.

"May sumabog," tanging tugon ko.

"Oh, Diyos ko..." Natutop niya pa ang sariling bibig. **"Ano ang sumabog? Ang BIS, sumabog?"**

Ngumiwi ako. **"Bumaba nga ako ng bus dahil may sumabog."**

"Eh, hindi naman kaya ikaw ang nagpasabog?" Itinuro ako ni Beka. Nagtawanan sila.

Hindi ko magawang matawa dahil sa isang iglap ay naalala ko ang sinabi ni Chairman Enrile. Hindi iyon magandang biro, hindi gaya ng isang ito. Isa iyong biro na may halong pamimintang. Kung hindi lang talaga kami nagawang awatin ng pamilya niya ay hindi ako magdadalawang-isip na patulan siya. Ang masasakit na salita niya laban sa pamilya ko ay hindi ko matatanggap. Hindi ako mahihirapan na ipakita sa kaniya ang kabastusan ko.

"Kanina nga pala ay dumaan dito 'yong kartero at inihatid 'tong sulat mo," sabi ni Boy kay Beka. **"Sino naman ang naawang magbigay ng sulat sa 'yo?"** biro niya pa.

"Baka galing ito kay mamang."

"Hihingi ng pera?" Tumawa si Boy.

"Pihado. Alam mo naman tayong mga magagandang alipin, sa pamilya ay matulungin."Binuksan ni Beka ang sulat, pinanood siya ng lahat."Boom!" palahaw niya, nagbibiro. Natawa ang lahat maliban sa 'kin. **"Pero hindi ang mamang ang nagpasabog."** Doon ako natawa.

Hindi ko naiwasang alalahanin kung gaano kakapal ang usok ng pagsabog habang nagmamaneho. Parang nagugulat pa rin ako. Kung tutuusin ay higit pa ro'n ang mga nakita ko sa nakaraan. Pero parte 'yon kultura ko. Malayo iyon sa iniikutan kong mundo ngayon.

Sa kinalakihan ko ay masusugatan ka habang lumalaban. Ngunit dito, inosente kang masasaktan. Maraming pwedeng madamay. Malaki ang magiging epekto. Nakakatakot. Nakapangangamba. Nakababahala. Ngunit napakahirap pigilan. Maski ang alamin kung sino ang promotor ay hindi namin magawa.

Nang makarating sa mansyon ay dumeretso ako sa hapag-kainan kung saan nakahain na ang lahat at nagkukuwentuhan. Tiningala nila ako at bago dumulog sa mesa. Si Heurt ang huli kong pinansin, ngiti ang nakuha kong tugon.

"How's everyone?" tanong ko habang tinitingnang isa-isa ang mga pagkain. Kinalabit ako ni Maxrill na siyang nasa kanan ko. **"What?"**

"Hello," kumaway siya.

"Tss."

"It's too early to be mad. What are you doing here, *Noona*?" para pa rin siyang bata.

"Mag-aral ka," asik ko. Wala akong oras makipaglaro sa kaniya. Nilingon ko ang Chairman. **"Good morning,"** bati ko. Tumikhim lang ito.

"Mabuti naman at maaga kang nagising?" ani Maze. **"May pag-uusapan tayo, isang mahalagang bagay,"** sinenyasan niyang umalis ang mga maid.

Nilingon ko si Maxwell. Nakatitig siya sa sariling kutsara na hindi maayos ang pagkakasalansan sa place mat. Gusto kong matawa nang isaayos niya iyon nang pagka-igi-igi. **"So, para saan ang biglaang meeting?"** nag-angat siya ng tingin sa lahat. **"Kailangan ba talagang kasama pa ang mainitin ang ulong ito?"** itinuro niya ako.

Napasiring ako. *Parang parati namang malamig ang ulo mo? Tss.*

"Ang tungkol sa insidente kahapon, ano pa ba?" si Mokz ang sumagot, tumikhim pa. **"Hindi maganda ang pagpasok ng taon."Umiling siya. "Nakakabahala na ang magkakasunod na insidente sa BIS. Hindi ko masisisi ang Chairman kung magpatawag siya ng meeting."**

Tss. Sa dami nang nangyari ay ngayon lang nila napansing hindi na ito maganda? Hanep...

"May maitutulong naman ba kami diyan?" tanong muli ni Maxwell.

"Marami, maliban sa isang 'yan," mahinang tugon ni Mokz na itinuro si Maxrill. Abala ito sa pagsundot nang kung ano-anong pagkain na may butas. Hilig niyang pag-trip-an 'yong mga macaroni shells. **"Wala kaming hawak na ebidensya, iyon ang totoo. Dahil hindi rin naman kami naghahanap,"** natawa pa siya. Nagsimula kaming kumain. **"Nangangamba ako na baka pati kayo ay madamay sa kung anumang kaguluhan na pinasok ni Chairman Enrile. Sana ay maintindihan nila kung bakit tayo *mangingialam*. Batid kong iniisip niyang nakikialam tayo sa problema ng kanilang pamilya. Pero ang hangarin natin ay kapanan ninyo. Kayo mismo at ang buo nating pamilya ang pangunahing dahilan at wala nang iba,"** pagpapaligoy niya.

Bumuntong-hininga ako at nagsalita, **"Nakausap ko ang Chairman ng mga Enrile kahapon. Ngayon palang ay sinasabi ko nang hindi niya magugustuhan ang ideya mo."** Saka ako humigop ng kape. **"Nagkasagutan kami ng Chairman."** Nang gamitin ko ang salitang "nagkasagutan" ay alam na nilang hindi maganda ang naging usapan.

"Ano ang inyong naging sagutan?" usisa ni Maze.

Sumubo ako ng steak 'tsaka sandaling ngumuya. **"Gusto ng pamilya niyang humingi ng tulong sa 'tin, hindi siya sang-ayon."**

"Sa tingin ko ay hindi niya lubos na nauunawaan kung ano ang nangyayari sa kaniyang harapan," bumuntong-hiningang muli si Mokz. **"Mas delikado iyon. Kailan pa niya papansin ang mga nangyayari? Kapag huli na ang lahat at marami nang napahamak?"**

"Bakit mo naman hahayaang may mapahamak? Nang marami?" masungit na ani Chairman Moon. Hindi na sumagot pa si Mokz at ipinagkibit-balikat na lang ang tanong.

"Anong klase ng pakikialam na gagawin natin? At bakit kailangan na pati kami ay kasali? Mas importante sa 'kin ang mag-duty," sumabad si Maxwell ngunit sinamaan lang siya ng tingin ng mga ito.

"Kahina-hinala ang narinig naming plano nila ukol sa pagtatayo ng isang ospital," si Maze naman ang nagsalita. **"Kahina-hinala dahil wala iyon sa ayos, walang wala sa ayos,"** umiling pa siya.

"Paanong wala sa ayos?" tanong ni daddy.

"Pakinggan natin si Heurt," itinuro ito ni Maze.

"Sa usaping ito ay papasok ang pamilya ng mga *Rewis*," pagbibigay diin ni Heurt, napukaw niya ang atensyon ng lahat.

"Cookies," ani Maxrill.

Natawa si Heurt. **"Rewis, Maxrill."**

"Rewis?" pag-uulit ni daddy sa sinabi nito.

Tumango si Heurt. **"Oo, ang pamilya ng mga Rewis."**

"Sino naman ang mga iyon?"

"Kulang na kulang ang nakalap kong impormasyon tungkol sa pamilyang iyon. Kaya wala halos akong masasabi tungkol sa kanila. Wala silang pinagmulan base sa mga records na libre kong nakuha," hindi ko mahulaan ang records na tinutukoy niya. **"Paniguradong pribado ang pamilyang ito."**

"Kung gano'n ay ano ang maitutulong nila sa usaping ito?"

"Ayon sa impormante natin ay plano nilang magtayo ng isang pampublikong ospital na para sa mga mahihirap. Layon nila ang makatulong umano nang walang nakukuhang benepisyo sa tao, at nang hindi nakikipagtunggali sa dalawang malalaking ospital na kilala sa buong lalawigan. Iyon na nga ang BISH at SISH. Pero kahina-hinala ang mga hakbang nila," pagpapaligoy ni Heurt, nakay Chairman ang paningin. Nasusuya na ang mga nakikinig sa dami ng kaniyang sinasabi. **"Kinuha nilang stockholders ang mga Enrile, Echavez, Gozon, Yanai. Iyong mga tanyag na pamilya dito sa Laguna."**

"Bakit hindi tayo kinuha?"nakangising sabat ko. Wala akong natanggap na sagot kundi masasama nilang tingin. Bumuntong-hininga na lang ako at nanahimik.

"Wala akong nakikitang masama roon," ani Chairman. **"Hindi kailanman naging masama ang tumulong."**

"Sa ngayon ay wala. Ngunit kung hihimayin natin ang plano nila ay doon natin makikita kung masama nga ba ito o makabubuti iyon, Chairman. Ang layon nga ba ng pamilyang iyon ay ang makatulong?" pinagkadiinan pa ni Heurt ang mga huling sinabi.

"At ang iyong pinupunto ay?" nababagot nang tanong ni Chairman.

"Hindi kailangan ng stockholders sa isang pampublikong ospital lalo na kung ang pangunahing layon naman sa pagpapatayo nito ay ang makatulong sa mga mahihirap."

Tumikhim ang Chairman. **"Bakit nila kinuha ang mga kilalang pamilya iyon kung ganoon?"**

"Iyon na mismo ang kahina-hinala, Chairman," ani Heurt.

Wala pa man akong limang minuto sa kinauupuan ko ay naiinip na ako. Tsk. Sana pala ay nilinis ko na lang 'yong motor ko.

"Ang ibig mong sabihin ay pinaghihinalaan mo ang mga Rewis, Heurt?" tanong ni Mokz.

"Ayaw kong sabihin na oo. Pero sa isang kahina-hinalang kilos ay napakahirap sabihing hindi," ngumiti si Heurt.

"Pero hindi ba't kapansin-pansing si Chairman Enrile ang target sa mga pangyayari? Kung pwede nating paghinalaan ang mga Rewis na iyan, bakit kailangang isali nila ang ibang taong iyong nabanggit, Heurt? Hindi ba pwedeng si Chairman Enrile na lang ang kunin nilang stockholder tutal kayang-kaya naman nitong magpatayo nang panibago pang ospital?" sabad ni daddy. Tumango bilang pagsang-ayon ang karamihan sa kaniya. **"Mayaman ang mga Enrile. Kaya nilang tumulong sa mga Rewis na iyon kung gugustuhin nila. Kwestyonable ang pagsali ng mga Rewis sa iba pang stockholders na kinuha. Sa tingin ko ay kontradiksyon iyon sa hinala mo."**

"Iyon ay maliban na lamang sa mga taong handang gawin ang lahat, makapaghiganti lamang," makahulugang tugon ni Heurt. **"Kung ang mga Enrile lang ang kukunin nila ay pihadong magiging madali sa mga ito ang paghinalaan sila. Kung ako man ang nasa posisyon ng mga Rewis ay gagawin ko ang mismong paraan nila. Kailangan nila ng iba**

pang mga tao para huwag mauwi sa gano'n ang isip ng mga Enrile. Kailangan nilang gumamit ng iba pang mga tao para mas magmukhang makatotohanan ang lahat. Napakatalino lamang nila at likas na magaling sa tingin ko sapagkat tiwala ang naging puhunan nila. Nakuha nilang agad ang tiwala ng mga ito sa loob nang maikling panahon. Maliban na lamang kung matagal na nilang napagplanuhan ang bagay na 'to," matalinong paliwanag niya, nakuha ng lahat.

Muling tumikhim ang Chairman. **"Maaari mo bang sabihin ngayon sa amin kung ano ang iyong hinala sa mga Rewis? Baka nagkakamali lamang ako ng intindi,"** pakiusap nito.

"Sa tingin ko ay may kinalaman sila sa mga nangyayaring ito, Chairman," magalang na tugon ni Heurt, pare-pareho kaming nagulat. **"Nasisiguro kong may malaking atraso si Chairman Enrile sa kanila para gawing *en grande* ang pagpaparamdam sa kaniya. May mga paputok pa."** Sarkastika siyang tumawa.

Sino ang mga Rewis na 'yon?

"Kung gano'n ay sinasabi mo ba na may kinalaman din sila roon sa nangyari kamakailan lamang sa Palawan?" nanliliit ang mga matang anang Chairman. Agad na tumango si Heurt.

Doon lang nagising ang interes ko. **"Sino ang mga Rewis?"** hindi ko napigilan ang sarili kong magtanong sa ina.

"Sila iyong pamilya na bagong pasok sa eksena," tumawa si Heurt. Hindi ko tuloy malaman kung nagbibiro lang ba siya. **"Ang mga sinabi ko ngayon ay pawang hinala pa lamang. Gaya nang sinabi ni Mokz ay wala tayong hawak na ebidensya. Pero maaari nating gamitin ang ating mga utak bilang basehan. Hindi masama ang maghinala kung ito'y sa isip mo lamang naman, mas masama ang mamintang. Sa tingin ko ay kailangan ko pang kumilos."**

"Para saan ang pag-uusap na ito kung gano'n?" tanong ni Maxwell.

"Kailangan mong bantayan ang mga Echavez," nag-uutos ang tinig ni Mokz habang deretsong nakatingin sa kapatid ko.

Pareho kaming nagulat. **"The Echavez'?"** paglilinaw ni Maxwell.

"Oo, ang mga Echavez," mariing ani Mokz. Lalong nagising ang diwa ko.

Pareho kaming nagulat. **"Ang mga Echavez?"** paglilinaw ni Maxwell. **"Hindi kayo nag-aaral sa iisang school ni Randall Echavez pero nasa iisang village kayo, at nagkakasama nang madalas sa pare-parehong**

ospital, tama?" Tumango si kuya. **"Sa ganoong paraan ay magagawa mo siyang bantayan."**

"Pero ang sinabi mo ay *mga Echavez*. Hindi lang si Randall ang kailangan kong bantayan kung gano'n?"

"Oo. Buong pamilya ng Echavez ang tinutukoy ko."

"But I don't think that is necessary, Mokz?" Gustong matawa ni Maxwell. **"Kung alam ninyo lang, mas magaling sa 'kin sa bakbakan si Randall. Kung ako ang tatanungin ay baka siya pa ang makatulong sa atin."**

"Wala namang sumusukat sa kakayanan ninyong dalawa, Maxwell Laurent," seryosong ani Mokz, naaasar. **"Ang punto rito ay ang magbantay. Wala pa kaming sinabi na kumilos kayo. Nasa pagbabantay pa lamang tayo, hijo, buksan mo ang isip mo."** Isang katangian ni Mokz ang simpleng pang-iinsulto sa t'wing seryoso. Nabengga niya si Maxwell.

Bigla ay nagtaas ng kamay si Maxrill. Kunot-noo namin siyang sinulyapan ni Maxwell. Habang ang lahat naman ay nakangiting tumango sa kaniya, naghihintay sa sasabihin niya.

"I can help, too," naninigurong ani Maxrill. **"Me and Rhumzelle can hide somewhere."**

"Tss, saan?" sarkastiko kong tugon. **"Sa tent mong puno ng laruan? Shut up, Maxrill."**

"Maxpein Zin," pagtawag ni Mokz. Nag-angat ako ng tingin. **"Ikaw na ang bahala sa mga Enrile."** Napabuntong-hininga agad ako. **"Nababatid ko namang hindi mo talaga pababayaan ang iyong nobyo. Kaya naman ipauubaya ko na rin sa iyo ang mga Gozon at Yanai."**

Nangunot ang noo ko. "Are you kidding me?"

"Walang sandali na may nagbiro sa mesang ito, hija," pormal na aniya. Gusto kong maloka sa katatawa pero anumang oras ay magagalit na siya.

"Ano ang akala ninyo sa 'kin, detective?" asik ko.

"Isang utos ang iniaatas sa iyo, hija, kailangan mong sumunod."

"Ano naman ang mapapala ko kung gagawin ko 'yan?"

"Ang kaligtasan ng iyong nobyo."

"Mapapahamak ba siya kung hindi ako susunod?"

"Hindi ko masasabing oo pero hindi imposible," ubos agad ang pasensya ni Mokz.

"Wala akong ideya sa mga Rewis na 'yan. At wala akong oras para pag-aralan ang katauhan nila," palag ko.

"Sa ngayon mo lang sasabihin ang mga iyan dahil paniguradong magwawala nang kusa ang sistema mo kapag nadamay si Deib Lohr dito," nangangaral ang tinig ni Maze.

Napabuntong-hininga ako at sandaling natigilan. Tama siya. **"Kung gano'n ay bakit kailangan na pati ang mga Yanai at Gozon ay mapunta sa 'kin? Isa lang kay Maxwell 'tapos sa 'kin ay tatlo? Hanep."**

"Umayos ka sa pakikipag-usap mo, seryoso ang diskusyon na ito, Maxpein Zin!" asik ng Chairman.

"Nasa iisang school kami ng mga 'yan pero magkaiba ng campus. Iba ang schedule ng college students. Paano ko magagawang bantayan ang mga 'yan kung mas madalas ko pa nga silang hindi makita kaysa makasama?" reklamo ko.

"Gumawa ka ng paraan kung ganoon."

"Paano ang pag-aaral ko? Baka palayasin ninyo na naman ako kapag hindi ko naipasa ang taon na 'to? This is my last chance, Mokz."

"Pagsabayin mo."

"Wow, Wonderwoman!" nang-aasar kong bulalas habang nakataas ang kamay. **"Hindi chubby si Darna, Chairman."**

"Sinabi nang hindi ito ang oras para makipagbiruan ka, Maxpein Zin!"

"Sinasabi ko 'to dahil imposible ang ipinagagawa ninyo sa 'kin!"

"Wala ka pang nasusubukan ay nagrereklamo ka na—anong klaseng pag-iisip 'yan?"

"Advanced? Tss. Look, Mokz, Chairman, ang nangyaring pagsabog kahapon ay ni hindi ko man lang naagapan. Paano kong mababantayan ang mga 'yon kung hindi ko naman sila nakakasama? Magkakaiba kami ng schedule."

"Walang nagsabi sa iyo na agapan mo ang nangyari kahapon. Pero kung nagawa na nating makapag-usap nang maaga ay paniguradong may nagawa ka upang wala nang madamay. Iyon mismo ang ugali at pakinabang mo sa mundong ito, Maxpein Zin! Ang tumulong sa taong nangangailangan dahil doon ka magaling, sa pakikapagbakbakan!" angil ni Maze.

Ako na naman ang kontrabida sa pamilya nila. Ayos! Tss.

"Ano ba ang nangyayari sa iyo?" dagdag pa niya. **"Kataka-taka yata na umaangal ka ngayon sa plano?"**

"Marahil ay dahil kulang tayo sa ebidensiya," napapabuntong-hiningang depensa sa 'kin ni daddy. **"Intindihin na lang muna natin ang mga bata. Hindi nga naman sila handang mapasok sa ganitong uri ng gulo. Iyong gulo na wala tayong kinalaman, hindi inaasahan."**

"Pero walang ibang tao ang makagagawa sa atin ng ganito kung hindi tayo-tayo," makahulugan na ani Mokz.

Sandaling nangibabaw ang katahimikan. Pinahuhupa ang tensyon na namagitan dahil sa 'kin. Hindi ko pa rin maintindihan ang mga dahilan nila para gawin namin 'to. Sa tingin ko naman ay tama lang ang pagrereklamong ginawa ko.

Kailan pa ba naman ako makakapag-aral nang dere-deretso? Parati na lang bang may ganito? Nakakasawa ang king ina.

"Ang lalaking iyon, Heurt, wala ba siyang maitutulong?" muling nangibabaw ang tinig ni Chairman. Nang mag-angat ako ng tingin ay abala ito sa paghiwa ng karne at tumingin na lamang kay Heurt nang ngumunguya na. **"Iyong lalaking hawak natin ang tinutukoy ko. Iyong nahuli natin sa Palawan."**

"Hanggang ngayon ay ayaw niyang magsalita, Chairman."

"Ano ang posible nating gawin para magsalita siya?"

"Paniguradong hindi siya lalo magsasalita kung sasaktan natin siya."

"Maliban sa pananakit."

"Kalayaan."

"Imposible," padabog na ibinaba ng Chairman ang tinidor at kutsilyo saka deretsong tumingin kay Heurt. **"May kinalaman ang isang iyon panigurado at pihadong marami siyang nalalaman. Bakit hindi ka sa kaniya mangalap ng impormasyon?"**

Nagbaba ng tingin si Heurt. **"Hindi madaling paaminin ang isang iyon ngunit susubukan kong muli, Chairman,"** napapahiyang sabi nito.

Gaya nang sinabi ni Chairman ay doon ako nananghalian. Ilang oras ang ginugol namin sa pagpaplano nang kung ano-ano na idinaan ko na lang sa paglingon-lingon. Kahit na ang ilan ay hindi ko naman naintindihan.

Nainggit ako kay Maxwell nang idahilan nito ang duty kaya nakaalis siya agad. Samantalang ako ay nando'n at naiwan. Nainggit din ako kay Maxrill.

Na walang ginawa kundi ang humalakhak na parang bata habang nagpapahabol paroo't parito sa bagong tuta.

Nakakaburyong maiwan sa mga matatanda. Tss.

"Sikapin ninyo na lamang na huwag magpahalata sa mga iyon dahil kahit hindi ko tanungin ay batid kong matatalino sila at magagaling kung kumilos. Hindi nag-iiwan ng bakas at mukhang planado ang bawat hakbang," ani Mokz.

Ibinaba ko ang basong iniinuman. **"Ang totoo ay hindi ko kinakikitaan ng interes ang isang 'to,"** paglalakas-loob ko.

Wala akong pakialam kung hindi nila magustohan ang sasabihin ko. Gusto kong malaman nila ang laman ng isip ko.

"May isang maliit na bagay kayong pilit na pinalalaki, hindi ko maintindihan," bumuntong-hininga ako nang isa-isang sumama ang tingin nila sa 'kin. **"Oo, hindi natin kilala ang mga Rewis. Bigla na lang silang pumasok sa eksena. At sa isang iglap ay kasundo nila ang mga Enrile. Pero hindi ba't parang mali naman 'yong paghinalaan natin silang may pakana sa mga nangyayari ngayon?"**

Iyon talaga ang saloobin ko. Pakiramdam ko ay hindi nalalayo ang usapang ito doon sa pabirong pamimintang na ginawa ni Chairman Enrile. Pakiramdam ko ay wala kaming pinagkaiba sa kaniya. Ang pamilya ko ay pinaghihinalaan sila. At hindi malayong mauwi sa pagbibintang. Ayaw kong gano'n ang mangyari dahil sa huli ay paniguradong pangalan namin ang marurumihan.

"Wala kayong ebidensya," sabi ko pa.

Bumuntong-hininga si Mokz. **"Kaya nga babantayan ninyo ang mga stockholders para makakalap ng ebidensya, Maxpein. Malaki ang tiwala ko na madaragdagan ang nalalaman natin kung makikisama kayo ng kapatid mo. Lalo na ikaw."**

"Babantayan ko lang naman si Deib at 'yong mga kaibigan niya, 'di ba?" kunot-noong tanong ko. Tumango siya. **"Hindi na mahirap para sa 'kin 'yon kung gano'n dahil dati ko naman na 'yong ginagawa."**

Hindi ko intensyon na magyabang ngunit nasa katauhan ko na yata talaga. Syempre, napangiwi sila at napabuntong-hininga, senyales na nayayabangan talaga sila sa sinabi ko.

"Kung ganoon ay doblehin mo ang pagbabantay sa mga iyon."

"Doblehin?" napahalakhak ako. **"Paano ang pag-aaral ko?"**

"Hindi beinte-kuwatro oras ang hinihiling ko, Maxpein."

"Ang mga taong 'yon ay dumarating sa mga oras na hindi inaasahan, Mokz, imposible ang ipinagagawa mo."

"Wala ka bang tiwala sa mga sinabi ko o ayaw mong tanggapin ang responsibilidad na iniaatas ko sa 'yo?" seryoso siya, sobrang seryoso. Natigilan ako at hindi nakapagsalita. **"Ang bagay na ito ay maselan para sa amin ngunit mukhang sa iyo ay biro-biro lang?"** kunyari pa siyang ngumiti, nakakatakot ang kahulugan niyon. Galit na talaga siya. **"Huwag mo sanang pagsisihan kapag dumating sa puntong kailangan ka nila ngunit doon ka pa lang maniniwala."**

"Mokz," kinabahan ako sa sinabi niya.

"Hindi na biro ang isang ito, Maxpein. Hindi ito laro. May mga buhay silang isinasaalang-alang para lang mapunan ang kagustuhan nilang mangyari. Ang maghiganti, ay hindi ko pa nasisiguro ngunit hindi malabong isa iyon sa dahilan. Kung nakukulangan ka sa mga sinasabi namin, maaari kang kumuha nang sarili mong patunay na may dahilan upang magkaganito kami. Hindi pansariling kapakanan ang iniisip natin dito, hija. Kasama rito ang kapakanan ng nobyo mo, ng mga kapamilya at kaibigan niya. Ang taong malalapit sa kanila ay isa-isang idinadamay, hindi malayong mapasali ka," himig iyon ng pagbabanta ni Mokz.

Kakaibang takot ang epekto sa 'kin ng mga sinabi niya. Sa hindi maintindihang dahilan ay parang nagsisi ako sa mga nasabi.

Ilang beses akong nilamon ng kahihiyan. Ngunit hindi ko ugali ang magpaumanhin. **"Gagawin ko ang lahat ng kaya ko. 'Yon lang,"** sabi ko at saka tumayo. **"Balitaan ninyo na lang ako at tawagan kung kailangan. Mag-iingat ako pauwi."Tumango ako sa lahat**.

Tulala akong naglakad palabas ng mansyon, nilalaro ang susi sa kamay. Pinuno ako nang panibagong mga tanong. Binabagabag ako ng mga sinabi ni Mokz.

Paano kung tama siya? Ano ang gagawin ko? Paano kung huli na ang lahat bago ko ma-realize na mali ang pagyayabang ko? Hindi ako pwedeng magsisi lalo na kung may kinalaman kay Sensui ang plano nila. Tsk. 'Wag matigas ang ulo mo, Maxpein. Hindi nakamamatay ang pakikinig.

Hindi ko maintindihan. Nakikita ko kung gaano kalaki ang interes nila tungkol sa issue na 'to. Hindi naman siguro nila isasali ang pamilya namin sa gulo ng iba kung hindi. Pero nakakainis isipin na isasaalang-alang nila

ang kapakanan namin, makilala lang ang mga 'yon na pumasok sa teritoryo naming hindi naman binalikan pa ng mga ito. Nakapagtataka.

Umihip ang malakas na hangin nang isuot ko ang helmet. Gusto kong matawa. Tila awtomatikong naging sensitibo ang sistema ko sa paligid. Pakiramdam ko ay gano'n karami ang mga matang nakamasid sa 'kin. Posible, dahil marami kaming tauhan sa labas ng mansyon. Ngunit may kung anong nagsasabi sa 'king ang ilan sa mga matang nakatuon sa 'kin ngayon ay hindi ko kilala.

Mabagal akong nagmaneho, nakikiramdam sa paligid. Hindi ko alam kung dala ba ito ng kapraningan dahil sa mga sinabi ni Mokz, o sadyang tama lang ako. Kahit sa high way ay nando'n ang mga matang nakamasid sa 'kin. Kung nasaan sila ay hindi ko alam. Pero alam kong malapit.

Bigla ay nabalisa ako nang huminto sa stoplight ng crossing. Sa tingin ko ay iiral ang pagkababae ko sa araw na 'to. Simula nang magdose ako ay may isang linggo na akong isinusumpa kada buwan.

Dumeretso ako sa Pavilion Mall. Kahanga-hangang nakasunod pa rin sa 'kin ang mga matang iyon. Doon na ako nagsimulang magmadali papasok ng supermarket. Dumeretso ako sa section kung saan naro'n ang kailangan kong bilhin. Nakahilera ang iba't ibang brand ng napkins sa estante. Tiningnan ko iyon isa-isa, mula sa mahal hanggang sa pinakamura. Kasabay ng pagtingin sa presyo ay ang maingat na paghahanap kung saan nagmumula ang mga matang iyon. Ngunit nabigo ako. Hindi ko sila makita.

Gusto ko na sanang isipin na napapraning lang ako. Ngunit nang pumunta ako sa counter upang magbayad ay nahagip ng sulyap ko ang tatlong lalaki na nakatingin sa gawi ko. Maswerteng naiiwas ko agad ang aking paningin at inilipat 'yon sa maliit na monitor upang tingnan ang halaga na babayaran ko.

Matapos kong kunin ang pinamili ay naglakad ako na para bang walang nangyari. Gusto kong hulaan kung sino ang mga ito ngunit walang pumapasok sa isip ko kung hindi ang mga Rewis. Ang mga Rewis na hindi ko kilala. Ang mga Rewis na wala akong ideya kung ano at saan nagmula. Ang mga Rewis na mahiwaga ang pagkatao at hindi mahulaan. Ang mga Rewis.

Paano ko ba magagawa ang trabahong 'yon na iniutos ni Mokz kung ngayon pa lang ay nahihirapan na ako? Tss.

Naisip kong umuwi na pero nag-aalangan ako. Paano kung sundan ako ng mga ito hanggang sa bahay? Hindi lang ako ang mapapahamak kundi

pati na rin ang mga kasama ko, ayaw kong mangyari 'yon. Pero hanggang kailan ako susundan ng mga ito? Hindi ko hilig ang magliwaliw nang mag-isa sa mall. Maraming tao, masakit silang lahat sa paningin ko.

Sinadya kong magtingin-tingin sa kung saan. Uuwi na sana ako nang wala man lang pumukaw sa interes ko sa dami nang botique na nadaanan ko. Iyong dulong store pala ang aagaw sa aking atensyon.

Isa iyong travel agency. Hindi ko akalain na hahayaan ko ang sariling magmukhang tanga na nakatunghay sa isang tarpaulin sa harap. Namangha ako sa offer papuntang Batanes, malaki ang discount. Para sa dalawang tao sa loob ng dalawang araw.

Lumabas ang crew at inanyayahan akong pumasok. Nakangiti akong sumunod at sinalubong ng ilang pang crew. Na tila sabik na sabik sa customer.

Nalibang ako sa pakikinig sa murang offer papuntang Batanes. Nilamon ng excitement ang sistema ko nang patulan ko iyon. Tuloy aynawala sa isip ko ang mga matang nakamasid. Hanggang sa makauwi ay nakangiti ako.

Paniguradong matutuwa si Sensui. Isang simpleng regalo, siguradong magugustohan mo. Iha-harvest natin ang mga puso mo. Tss.

"Oh? Akala ko ay gabi ka na uuwi?" bungad ni Naih.

"Hindi ako interesado sa pinag-uusapan nila."

"Ano? Nalaman ninyo na ba kung sino ang may pakana no'ng pagsabog sa BIS?" aligaga niyang tanong.

Umiling ako. **"Hindi." Saka nag-iwas ng tingin.**

"Naku! Ang sabi sa balita ay nanganganib daw na maipasara ang BIS. Nagpepetisyon ang mga magulang ng mga estudyante! Malaki ang laban ng mga 'yon panigurado kahit pa sabihing bigtime ang mga Enrile at ang iba pang stockholders!"

Bigla ay napalitan ng lungkot ang kaninang nanlalaki niyang mga mata at bigay na bigay sa pagkukwento niyang bibig.

"Stressed na stressed nga ngayon si sweetheart, eh,"napapabuntong-hininga niyang patuloy. **"Ni hindi man lang kami nakapag-usap kaninang umaga. Nasanay na kasi akong nagigising sa tawag niya. Kinumusta niya ako kahapon pero hindi niya ako pinuntahan. Feeling ko tuloy hindi siya nag-alala. Syempre! Ang lakas ng pagsabog na 'yon, 'no!"** muli siyang nalungkot. **"Pero naiintindihan ko naman. Nasa school**

siya nang panahon na 'yon kaya paniguradong isa siya ro'n sa mga nag-panic."

"Kumusta na nga pala siya? Sila ni Tob? Ayos lang ba sila? Hindi ba sila nadamay sa insidente?"

"Bravo, kaibigan! Bravo!" parang sira siyang pumalakpak. Napabuntong-hininga ako. **"'Yan na ang pinakamaraming tanong na nagawa mo sa tanang buhay mo!"**

"Tss."

"Ngayon ay alam ko na kung ano ang pakiramdam mo kapag maraming tanong sa 'yo," nakangiwing aniya, humalukipkip 'tsaka tumingin nang deretso sa 'kin. **"Ayos lang naman siya, silang pareho ni Tob. Pero siyempre, hindi mo maiaalis sa kanila ang mag-alala. Ikaw ba naman makarinig ng pagsabog habang umiihi, 'di ba? Aba, oo!"** dinuro niya pa ako. **"Umiihi silang pareho ni Tob nang mangyari ang pagsabog! Aba'y syempre, huminto ang ihi at bumalik sa pinanggalingan! Gaya natin ay nag-panic sila. Hindi naman kasi normal ang pangyayaring 'yon! Hindi! Mali! Mali! Wala nang normal na nangyari magmula nang pumasok ang taon na 'to!"** aniya na nakataas pa ang isang kamay na animong si Darna.

Hindi ko masisisi ang mga magulang kung bakit gano'n ang naisip nilang hakbang para maprotektahan ang pamilya nila. At pakiramdam ko ay ngayon ko lang lubos na nauunawaan kung bakit gano'n na lang mag-alala at mag-isip ang aking pamilya. Hindi naman sa nangingialam sila pero nakakatakot na talaga ang mga ganitong pangyayari. Lalo pa at mas nakababata pa sa 'kin ang karamihan ng estudyanteng naro'n.

"'Yong mga magulang ng primary students ang unang nagpetisyon. Susunod na raw ang mga nasa secondary. 'Yong tertiary naman ay nagrereklamo dahil kahit yata sa loob daw mangyari ang pagsabog ay may pasok sila. Shock-proof daw ang mga college students, eh. Psh," sarkastikong aniya, naaasar.

"Ibig mong sabihin ay may pasok pa rin sila hanggang ngayon?"

"Mismo!"

"Lahat sa tertiary?"

"Lahat sa tertiary!"

Tss. Bakit gano'n? Hindi ba sila nag-aalala para sa mga nasa college?

Napabuntong-hininga ako at naisip si Sensui. Paniguradong natatakot 'yon pumasok. Hindi ko tuloy maiwasang ang lagay niya. Baka makasama

sa kalusugan niya ang nangyayari.

Kung gano'n ay kailangan nga niyang mag-ingat. Paano kung sunggaban ng masasamang taong 'yon ang pagkakataon na 'to? Paano kung si Sensui ang gawin nilang pain para makuha ang Chairman?

Kinabahan ako sa sariling naisip. **"Nasa school kaya sila ngayon?"** dagling tanong ko.

"Oo, may pasok nga sila, 'di ba? Kasasabi lang, eh," pabulong niya pang sinabi ang huli. Tumayo ako.

"Pupuntahan mo?"

"Oo."

"Bakit?"

Napaisip ako kung bakit. *Hindi ko pwedeng sabihin sa kaniya ang mga iniutos sa 'kin ni Mokz.* **"Gusto ko lang makita si Sensui. Wala naman akong ibang gagawin,"** nakangiting sabi ko.

"Psh! Stop me!" aniya na iniharap pa ang palad niya sa mukha ko. 'Yong tipong nakakaduling sa sobrang lapit. **"Siguro...excited ka na sa celebration niyo, 'no?"**

"Anong celebration?" maang-maangan kong tugon.

"Naku!" kiniliti niya ang tagiliran ko. **"Naku!"** kiniliti niya rin ang leeg ko. **"Naku!"** kikilitiin niya sana ang kili-kili ko pero iniiwas ko 'yon. **"Makaiwas nang kili-kili! Siguro, diyan nanggaling ang pagsabog, 'no?"**

"What the hell, Naih?"

"Psh!" binigyan niya ako nang nanunuyang tingin. **"Oh, eh, ano naman ang regalo mo kay Sensui bukod sa puso?"**

"Regalo?"

"Pwede ba, Maxpein? Anniversary ninyo na rin, 'di ba? Gaya namin nina Lee, Tob at Michiko ay magse-celebrate na rin kayo ng anniversary. Mas mauuna pa nga kayo, psh. Ang mga normal na tao ay nagse-celebrate ng anniversary, Maxpein. Magpaka-normal ka naman para sa boyfriend mo."

"Tss. Ang OA mo."

"Oh, eh, ano nga? May balak ka ba?"

"Oo."

Nanlaki ang mga mata niya. **"OMG! Ano 'yon?"**

"Tss. Ikaw ba ang karelasyon ko para sabihin ko pa sa 'yo?"

"Stop me? Ano nga 'yon?"

"Sa 'kin na lang muna 'yon. Baka masabi mo pa kay Lee at makarating kay Sensui."

"Hindi ako gano'n, 'no! Kapag sinabi mong secret ay secret!"

"Tss, hindi mo 'ko maloloko," ngisi ko.

Sumimangot siya. **"Birthday na rin niya sa isang buwan, any plans?"**

"Girlfriend lang ako at hindi magulang, Zarnaih," masungit na sagot ko, lalo siyang sumimangot. **"Obligado ba talaga ako sa mga ganiyan? Tss. Mas gusto kong magkusa. Ayaw kong inuutusan."**

"Oo na, Maxpein," aniya na umayos ng upo. **"Kung ako 'yan, naku! Ngayon palang ay nasa ayos na ang lahat!"**

"Nasa ayos naman na," nakangising tugon ko. At dahil nga OA siya ay nanlaki na naman ang mga mata niya.

Naalala ko ang tour package na kinuha ko. Naro'n na ang lahat ng kailangan para maging romantiko ang munti kong regalo. Alam ko namang kahit pinakasimpleng bagay na ibigay ko kay Sensui ay ikatutuwa niya. Wala akong balak na higitan ang anumang naibigay at naiparamdam niya. Gusto kong magkaro'n nang sarili kong paraan ng pagiging sweet, romantic, caring at kung ano pang dapat na ibigay sa isang minamahal.

Gabi na nang makapagpahinga ako. Doon ko lang din naalalang tingnan ang cellphone ko. At nadismaya nang makitang wala man lang text si Sensui.

Sobrang busy niya ba?

Hindi naman na bago sa 'kin 'yon. May ilang beses na rin akong hindi nakatanggap ng text sa kaniya nang isang buong araw, lalo na kapag may tampuhan kami. Pero normal naman kami at walang pinag-awayan, marahil ay busy nga lang siya.

Sa halip na mag-isip nang kung ano-ano ay ako ang tumawag.

"Hello?" sagot niya. Sa boses palang niya ay halatang pagod na siya.

"Hi," ang tanging nasabi ko, nakakatawa. Napapikit pa ako sa hindi malamang dahilan nang ma-realize kung bakit iyon ang sinabi ko.

"Babe, sorry, I was busy."

"How was your day?"

"Busy, nakakapagod pero masaya."

Masaya? **"Ganiyan talaga kapag nag-e-enjoy ka sa ginagawa mo,"** nakangiting sabi ko. May kung ano sa isip kong sinasabing sarkastiko ako kahit hindi naman 'yon ang intensyon ko. **"Ayos ka naman ba sa school? Dapat ay wala na rin kayong pasok dahil sa nangyari kahapon."**

"Ewan ko ba, normal pa rin ang klase ko. Tch. Hindi na nga normal, eh! Sa dami nang ginawa ay hindi na normal," biglang bawi niya 'tsaka bumuntong-hininga. **"Marami pa rin ang takot. Hindi nga ginamit 'yong main gate kanina at lahat ay doon sa parking lot dumaan kaya matagal bago makalabas,"** kuwento niya.

Mas maliit ang gate na tinutukoy niya kompara sa main gate na kahit magsabay-sabay ng pasok ang lahat ay pupwede.

"Nasa isip ko pa rin 'yong nangyari kahapon pero kailangan kong iwasan dahil baka makaapekto sa 'kin. Marami kaming exam kanina."

"I see. Gusto sana kitang puntahan kanina pero kinailangan kong umuwi sa mansyon." Wala akong balak sabihin sa kaniya kung ano ang napag-usapan namin do'n. **"Wala pa rin akong pasok bukas. Kayo?"**

"Meron," muli siyang bumuntong-hininga. **"Malapit na ang prelims at kailangang magpakaabala."**

"Hindi pala kita pwedeng abalahin kung gano'n?"

"Tch. Alam mo namang parati akong may oras para sa 'yo, Taguro."

Nangiti ako. **"Alam mo rin naman na pwede kitang intindihin kung kinakailangan, Sensui."**

"Ayos lang ako, nagpapahinga pa naman ako. Kumusta ang araw mo?"

"Hindi normal."

"Bakit?"

"Hindi kita nakasama, eh."

"Wow, ang sarap sa pakiramdam."

"Ang hindi ako makasama?"

"Ang nanlulumo ka dahil hindi mo ako nakasama."

"Wala sa nabanggit ko ang panlulumo, 'wag kang assuming."

"I miss you, babe."

"I miss you more," seryosong sabi ko, bahagyang nakangiti.

"Sinabi ko na nga ba. Tch!"

"Bakit?" takang tanong ko.

"May gusto ka sa 'kin, 'no?"

"Eh?"

"May gusto ka sa 'kin." Naniniguro ang kaniyang tono, natawa ako. **"Ayos lang dahil may gusto rin naman ako sa 'yo, Taguro."**

"Nababaliw ka na."

"Matagal na. Sa 'yo. Bwahaha!"

"Tss. Hindi ka yata nag-text sa 'kin buong araw? Naninibago ako."

"Dahil hinahanap-hanap mo ang pagmamahal at paglalambing ko. Ganiyan nga, Taguro, ganiyan nga, bwahahaha!"

"Tss."

"Busy nga ako, babe. Busy ako sa pag-aaral. Nag-aaral akong mabuti para sa pamilya ko at sa magiging pamilya ko pa kasama mo. Bwahahahaha!" Napakalakas ng boses niya, hindi ko naiwasang matawa. **"Tch. Naglalambing ka, bigla kang tatawanan! Bakit nga ba hindi pa ako nasanay? 'Yan ba ang nami-miss, Taguro?"**

"Ano ba dapat ang gawin ko?"

"Ang umiyak dahil nami-miss mo 'ko?" patanong na tugon niya, natawa lang ako. **"Kahit naman buong araw akong tutok sa pag-aaral ay sumasagi ka pa rin sa isip ko. Tch. Ikaw na lang parati ang dahilan kung bakit pinag-iigihan ko ang pag-aaral ko,"** panunumbat niya, paniguradong nakanguso na naman siya sa kabilang linya.

Napangiti ako. **"Bakit naman ako ang dahilan? Hindi ba't dapat ay sarili mo ang pangunahing dahilan, ikalawa ang pamilya mo at pangatlo lang ako?"**

"Gano'n nga, Taguro! Tch! Ikaw ang kalahati ng sarili ko. Hindi buo ang pagkatao ko kapag wala ka! Kaya kapag sinabi kong *sarili* ko ay awtomatikong kasama ka! Tch! At isa pa, sa 'yo lang nababagay ang apelyido ko kaya ikaw lang ang makabubuo ng pamilya kasama ko. Bwahahaha! The Enrile's, haha! Astig."

Malapit na ang anniversary namin, naaalala kaya niya?

Hindi ko maipaliwanag ang kakaibang lungkot na bumalot sa 'kin. Inaasahan ko kasing mauuna pa siyang makaalala.

"Kung maaga ang uwian mo bukas, pwede kitang yayain na lumabas," wala sa sariling nasabi ko.

"Pero kailangan kong mag-aral, babe."

"Ah, gano'n ba?" napapahiyang tugon ko, napakamot pa sa ulo. *Ang sabi niya ay may oras siya sa 'kin.* **"Sige, sa susunod na lang."**

"Oo, babawi naman ako sa 'yo."

"Sige, hihintayin ko na lang."

"Mm, pwede na ba akong matulog, babe? Inaantok na kasi ako, marami kasi kaming ginawa kanina."

Napalunok ako. "Sure, it's fine."

Pakiramdam ko ay paulit-ulit akong napahiya. I don't know why. Normal lang namang antukin kung pagod. Pero bakit binibigyan ko 'yon nang ibang dahilan? Nawiwirduhan ako sa sarili ko.

Sinikap kong ngumiti. **"Magpahinga ka na, galingan mo sa pag-aaral."**

"Para sa 'yo, babe. I love you. Goodnight," aniya saka ibinaba ang linya.

Natitigilan akong tumitig sa cellphone bago iyon tuluyang inilapag. Inihiga ko ang katawan sa kama at magdamag na nag-isip hanggang sa makatulugan.

OceanofPDF.com

CHAPTER 184

DEIB'S POV

SAMPUNG MINUTO akong late nang makarating sa klase nang sumunod na araw.

Nagtama ang paningin namin ni Eerah Anitha bago pa man ako makaupo sa silya. Napabuntong-hininga ako at napatitig sa likuran niya bago nakinig sa klase. Dahil late, nahirapan akong sumunod sa discussion. Tuloy ay hindi gano'n kataas ang nakuha kong score sa quiz. Sa inis ay hinanap ko sa libro ang mga maling sagot ko.

Pero hindi matuon sa pagbabasa ang isip ko. Sinulyapan ko ang mga lalaki kong kaklase. Panay ang tawanan nila kasama si Eerah Anitha.

"Dapat ay wala rin tayong klase," anang isa sa mga 'yon.

"Well, mas gusto kong may pasok," nakangiting ani Eerah Anitha. **"Wala rin namang interesting gawin sa bahay,"** inikot-ikot niya sa daliri ang maikling buhok na malapit sa kaniyang pisngi.

"Eh, di gumala tayo kapag walang klase?" parang may pinapakahulugan ang lalaki.

"Saan naman ang punta natin?" nakangiti na tanong ni Eerah Anitha, nagpapanggap na inosente.

"Maraming pub dito."

"Oh, I like that."

"So, ano, trip mo ba? Tayo-tayo lang naman, eh."

"Sure! Kailan 'yan?"

"We can go after class."

"Maaga ang pasok natin bukas, 'di ba?"

"Pwede rin namang um-absent, hahaha! Just kidding. Hindi naman tayo magtatagal. Tamang chill lang!"

"Okay, fine. I'll see you later, then!"

"Talagang sasama ka, Eerah?"

"Of course, why not?" nakangiting tugon nito.

"Yeah!" nakipag-apir ang lalaking 'yon sa kasama 'tsaka muling bumaling sa babae. **"I'll pick you up later."**

"Sure!" malanding ani Eerah Anitha 'tsaka tinalikuran ang mga 'to.

Ngunit agad siyang natigilan nang ako naman ang makaharap niya. Sandali siyang tumitig nang may pagtataka. Saka ngumiti. **"Do you want to join us?"**

"Huh?" sinikap kong 'wag mautal.

"I know you were listening," ngumisi siya.

"Hindi ko sinasadyang marinig," nag-iwas ako ng tingin.

"You can come," aniya, lalong lumapit. **"Sandali lang naman tayo. Pwede kang sumama. Unless...may date ka?"** sarkastikong dagdag niya. **"Baka sunduin ka ng girlfriend mo at ihatid sa bahay ninyo."Napapahiya akong nag-iwas ng tingin**. **"Hindi ba't gano'n naman ang papel sa 'yo ng girlfriend mo? Ikaw,"** muli siyang humakbang papalapit. **"You're welcome to come with us. You know how and where to call me,"** tinapunan niya ako nang malanding kindat bago nilampasan.

Hindi ko maipaliwanag ang kakaibang pakiramdam. Para bang naiilang ako ngunit kaya ko siyang harapin. Nahihiya ako sa presensya niya ngunit wala sa loob ko ang umiwas.

Lalong hindi ko maipaliwanag kung bakit naiinis ako dahil gano'n na lang kadali para sa mga lalaking iyon na mapapayag siyang sumama.

May asawa na siya, hindi ba? Tch! Bakit pa siya sasama sa mga 'yon? Malandi talaga.

Agad na nagsimula ang sumunod na klase at hindi na gaya kanina ang naging resulta ko sa pakikinig. Mas naging interesante iyon at maging ang mga exam ko ay matataas na ang marka.

"Mukhang nag-aral kang mabuti, ah?" hindi ko inaasahan ang paglapit na naman ni Eerah Anitha matapos ang klase. Nilingon ko lang siya. **"Mabuti naman, matutuwa ang girlfriend mo."Humalakhak siya sa huli.**

"Go away."

"'Buti nagagawa mo pang mag-aral kahit may girlfriend kang daig pa ang security guard kung makapagbantay?"

Saan niya ba nakukuha ang mga pinagsasasabi niya? Tsk!

"Hindi gano'n ang girlfriend ko," ako ang nasaktan para kay Taguro. Hindi ko gusto ang biro niya. Batid kong may halo iyong pang-iinsulto. Pero hindi ko maintindihan kung bakit hindi ko magawang magalit. **"Hindi mo siya kilala kaya 'wag mo siyang pagsalitaan nang ganiyan."**

"Hindi niya rin naman ako kilala so I think it's fine. We don't know each other, Lohr."

"Tch. At least hindi siya nagsasalita laban sa 'yo, gaya mo."

"Whatever." May kung ano talaga sa tingin niyang ikinaiilang ko. **"Alam niya ba ang tungkol sa kiss?"** nakangising tanong niya.

Hindi ako makapaniwalang ipapaalala niya pa 'yon. Halos nakalimutan ko na ang tungkol doon. Hanggang ngayon ay hindi ko maintindihan ang naramdaman ko nang oras na 'yon. Wala na akong balak pag-usapan 'yon. At natatakot akong baka kapag nagkaro'n kami ng pagkakataong pag-usapan ay hindi ko mapigilan ang emosyon ko't malaman niya ang pangamba sa dibdib ko. Pangambang hindi ko malaman kung bakit at saan nagmumula. Pangambang kahit pilit kong palisin ay hindi mawala-wala. Hindi ko maitatangging kakaiba ang epekto sa 'kin ng halik na 'yon. Simple para sa 'kin ngunit ang dating ay mapusok, napakapusok.

Bukod doon ay naalala ko naramdaman ko nang minsang halikan ko nang ganoon si Taguro. Nang hindi sinasadya at wala sa plano. Hindi niya 'yon nagustuhan, alam ko. Hindi ko rin naman intensyon na gawin 'yon ngunit hindi ko maitatangging nagustuhan ko. Ang naramdaman ko kay Taguro nang sandaling 'yon ay hindi nalalayo sa naramdaman ko nang halikan ako ni Eerah Anitha.

Damn it! **"Hindi,"** halos mautal nang tugon ko. **"Bakit ko naman ipaaalam pa sa kaniya?"** kunot-noong tanong ko, hindi ko maiwasang maasar.

"Why not?"

"Tch. Hindi 'yon ang bagay na pagtutuunan ng atensyon ng girlfriend ko."

"Oh, really?"

"At isa pa ay hindi big deal sa 'kin 'yon."

"So, you're saying that you want us to keep it as a secret?" nakangisi na aniya. **"Kunsabagay, mas sweet 'yong tayong dalawa lang ang nakaaalam, right, Lohr?"**

"What?" nagulat ako, ang lakas ng loob niya. **"Ang tigas ng mukha mo!"** singhal ko.

"Relax," hinagod niya ang balikat ko. **"You're getting mad again, it's seducing me."**

"Umalis ka nga diyan!" tinapik ko ang kamay niya. Umasta siyang nasaktan habang nakangisi. **"'Wag mong bigyan 'yon nang ibang**

kahulugan, Eerah! At 'wag na 'wag mong—"

"Mabanggit iyon sa girlfriend mo?" inunahan niya ako. Gigil akong natigilan. **"You can count on me. I'll make sure to keep it alone. That'll be sweeter, the sweetest."**

"Stop it, Eerah Anitha, it's not funny anymore."

"I'm not trying to make fun of it, Lohr. Your lips are sweet, it's melting me." Sumeryoso siya, dumagundong sa kaba ang dibdib ko. **"You allowed me to kiss you and you even responded." H**indi ko alam kung paano niya nagagawang palambingin pa rin ang tono. **"Soon you'll get to understand that the best kind of kiss are those unexpected, Lohr. Unplanned ones that come naturally just like what happened to us."**

"Shut up, Eerah Anitha," nanggigil ako. Gusto kong busalan ang nguso niya ngunit nginisihan niya lang ako 'tsaka muling sumeryoso.

"I swear you'll kiss me real hard when I see you again." Kinawayan niya ako palayo matapos sabihin 'yon.

"Damn it!" habol ang hiningang asik ko, hinihingal sa galit.

Hindi na nawala ang usapan namin sa mga sumunod kong subjects. Nawala ako sa huwisyong tutukan ang diskusyon. Peste talaga ang babaeng iyon.

Nang matapos ang klase ay doon ko pa lang naalalang tingnan ang cellphone ko. Kinabahan ako nang makitang may missed calls si Taguro. Agad kong binuksan ang mga received text messages at hinanap ang mula sa kaniya.

6 Messages Received

From: ♥T♥A♥G♥U♥R♥O♥

Mukhang busy ka, babe, ah? 'Wag mo kalimutang kumain. I love you.

03:18 PM

From: ♥T♥A♥G♥U♥R♥O♥

Babe, may gagawin ka ba mamaya? Kung wala ay tawagan mo ako. =)

From: ♥T♥A♥G♥U♥R♥O♥

Kung may gagawin ka naman ay maiintindihan ko. Next time na lang siguro. =)

Napabuntong-hininga ako sa mga nabasa. Pakiramdam ko ngayon pa lang ay nagkakasala na ako. Parang may nagbago sa 'min ni Taguro na hindi ko maintindihan ngunit alam kong nasa akin ang problema. Naiisip ko

palang na may kasalanan ako sa kaniya, kasalanang hindi ko mabatid kung ano, hindi ko magawang pakalmahin ang kaba sa dibdib ko.

Bakit ba kailangang mangyari no'n? Pakiramdam ko ay may pasan-pasan akong napakalaking problema. Badtrip!

Nanlulumo akong napaupo sa katabing semento saka nasapo ang noo. Pakiramdam ko ay unti-unting gumuguho ang mundo ko. Hindi kami pwedeng masira ni Taguro. Lalo na nang dahil kay Eerah Anitha. 'Yon lang ang inilalagay ko ngayon sa isip ko.

Wala sa sariling tiningnan kong muli ang inbox. Agad na nangunot ang noo ko nang makitang kay Eerah Anitha nanggaling ang latest na text message.

From: Eerah Anitha

Hey! Are you coming or are you coming? I'm waiting for you outside.

Nilingon ko ang gate papalabas sa campus. Pakiramdam ko ay humangin nang malakas mula roon at nilamig ako. Napapikit ako at nagyuko ng tingin, nagtataksil ang kalooban ko. May kung ano sa 'kin na gustong lumabas at tingnan kung naghihintay nga si Eerah Anitha. Nawala na ang unang dahilan ng panlulumo ko, napuno na ni Eerah Anitha ang isip ko. Kataka-takang naaasar ako sa kaniya pero may kung ano sa 'kin na gusto rin siyang makita. Nalilito ako sa nararamdaman ko at gusto kong magsisi sa lahat ng bagay na nangyari. Maling-mali.

Wala sa sariling tumayo ako at bagaman mabigat ang mga hakbang ay lumapit ako sa gate. At natanaw ko nga si Eerah Anitha, nakasandal sa kotse ko. Napakaelegante niyang tingnan sa suot, para bang walang nangyaring insidente. Nakataas nang bahagya ang noo at lumilingon sa mga estudyanteng tinatapunan siya ng tingin nang may paghanga. 'Tsaka siya ngingisi na para bang kakatwa sa kaniya ang inasal ng mga ito. Bagay sa kaniya ang suot na sunglasses dahil sa matangos niyang ilong.

Nasa ganoon akong sitwasyon, abala sa pag-aaral sa kaniyang kabuuan, nang mapansin kong nakatingin na siya sa 'kin. Agad akong nag-iwas ng tingin. Bumuntong-hininga pa bago nagsimulang maglakad papalapit sa gawi niya.

"Oh, you look tired," nakikita at nararamdaman ko ang pag-aalala niya, hindi ko alam kung magagalit ba ako o ano. **"Do you still want to come? It's okay if—"**

"Would you shut up?" iritableng sagot ko, tumaas naman ang kilay niya. **"Uuwi na ako."**

"Aren't you coming?"

"Mukha ba akong interesado sa lakad mo?"

"Hindi. Pero pwede kang magkaro'n ng interes kung gusto mo?" natatawa na namang aniya, lalo akong nainis. **"Alam mo, you have to hangout sometimes. Nakakabaliw ang sobrang pag-aaral, Lohr."**

"Tch. Marami akong pwedeng makasamang lumabas o gumala, 'wag lang ikaw."

"Oh, really? Why are you here, then?"

"Baka kotse ko 'yang sinasandalan mo?"

"Baka naghihintay sa 'yo ang girlfriend mo?"

Nanlaki ang mga mata ko at hindi na nakasagot pa sa sinabi niya. Napalunok ako nang iminuwestra niya ang likuran ko.

Dahan-dahan akong napalingon. *Taguro...*

"Akala ko pa naman ay sa 'kin ka na sasama dahil kanina pa siya mukhang tangang naghihintay sa 'yo. Sa 'kin ka kasi dumeretso. I'm really falling in love with you, Lohr. Be careful with your actions," pabulong niyang sinabi ang mga huling linya.

Napako kay Taguro ang paningin ko at nagmadaling lumapit. Nakapamulsa siyang nakatayo sa may gate. 'Ayun na naman iyong mukha niyang walang emosyon at mga matang nagtatanong.

"Babe..." pagtawag ko.

Ngumiti siya, nawala ang aking kaba. Ngunit muling nabuhay ang kaba nang hindi umabot sa mga mata ang ngiti niya.

"Babe," kinuha ko ang kamay niya. "I didn't know you're here."

"Mm, kanina pa."

Huminga ako nang malalim. **"What are you doing here, babe? Wala kayong klase,"** umaasa akong hindi niya mamasamain ang tanong ko.

"I was thinking we can go somewhere if you're free. Hindi mo sinagot ang mga tawag at text ko."

"Kasi..." Hindi ko nagawang sumagot. Hindi ko malaman kung bakit may kung ano sa loob ko ang nainis.

Kailangan ba talagang sagutin ko ang bawat tawag niya? Nagte-text din naman ako kapag kailangan at may oras. At hindi naman siguro kailangan na magka-text kaming magdamag?

Natigilan ako at kinabahan dahil sa sariling naisip. Umiiling akong nagbaba ng tingin, panay ang pagbuntong-hininga.

What were you thinking, Deib? Minsan na nga lang gawin 'yan ni Taguro—bakit kailangan mo pang kwestyunin? Hindi ba't 'yan naman ang gusto mong gawin niya dati pa? Hindi ba't parati mong sinasabi na hindi siya sweet? Bakit ngayong nandiyan siya ay nagkakaganiyan ka? Wala sa sarili akong napatitig kay Taguro. *What the hell is wrong with me?*

Lalo akong kinabahan. Hindi gaya nang nakasanayan ay hindi ko maramdamang gusto ko ang presensya niya. May kung ano sa 'kin na gustong lumingon kay Eerah Anitha. At alamin kung nakatingin ba siya sa 'min at kung ano ang reaksyon niya.

What the hell!

Napapikit ako at nagalit sa sariling naramdaman. Bumilis ang tibok ng puso ko at hindi ko na magawang labanan ang mga titig ni Taguro. Makailang beses akong lumunok at saka kumurap bago muling tumingin sa kaniya.

May kurot akong naramdaman sa dibdib nang mapansin ang nalilito niyang mga tingin. Kukurap-kurap siyang tumingin sa mga mata ko, saka nagbaba ng tingin.

Sinikap kong ngumiti... nang natural. **"Sorry, babe. Nasa klase kasi ako,"** iyon ang naidahilan ko. Pilit na ipinupukol sa kaniya ang buo kong atensyon.

Ngumiti siya, pilit. **"Naiintindihan ko. Akala ko kasi ay wala rin kayong klase gaya namin."**

"Kaya ka pumunta rito, babe?"

Ngumiti siya at sandaling tumitig sa akin. "Oo. Hehe, parang ayaw mo pa, ah?"

Napamaang ako. "Ha? Hindi, ah! Ano lang...sana ay hinintay mo na lang akong mag-reply," napapailing na sabi ko.

Natigilan siya at mayamaya ay pilit na naman ngumiti. **"Pasensya na, gusto lang kitang makita."**

Napalunok ako at sandaling napatitig. *Papatayin kita, Deib Lohr kapag nasaktan siya!* **"Gusto rin kitang makita,"** nasabi ko. Nag-angat siya ng tingin. Sandali akong pumikit at kinalma ang buong sistema ko. **"I missed you so much,"** nakangiting sabi ko at totoong galing 'yon sa aking dibdib.

Lumapit ako at niyakap siya nang mahigpit ngunit sandali lang. Sapat na sandali para humingi ako ng tawad sa isip ko. Sinalubong ko ang tingin niya nang maghiwalay kami. Nalalanghap ko ang bango niya, doon ko lang nagawang pag-aralan ang kaniyang kabuuan. Pakiramdam ko ay iyon ang

kauna-unahang beses na gumanda sa paningin ko ang maluluwang niyang suot. Para bang kausuhan ng mga iyon ngayon.

Lalo akong napangiti. **"Siguro ay ide-date mo ako?"** nanunuksong tanong ko.

"Makakasingit pa ba ako sa schedule mo?"

Nawala ang ngiti sa labi ko. "Babe?" naguguluhan akong ngumiti.

Lumingon siya sa gawi ni Eerah Anitha bago muling tumingin sa 'kin. **"Mukhang may nauna sa oras mo."**

"Hindi," naantig ang konsensya ko. **"Sa 'yo lang ang oras ko, Taguro."**

Tipid siyang ngumiti. **"Okay."**

"Saan tayo magde-date, babe?"

"Kahit diyan na lang sa tabi-tabi."

"Manood tayong sine, hehe."

"May pasok ka pa yata bukas."

"Tanghali pa naman," masaya kong sagot. Tumango siya. **"Kumain na muna tayo."**

"Sige, ikaw ang bahala."

Dahil nakangiti na si Taguro pakiramdam ko ay nakahinga ako nang maluwag. Sa t'wing wala akong mababasang emosyon sa kaniya ay nag-aalala ako. Pero oras na mabasa ko ro'n ang pagseselos at ang lungkot ay nasasaktan ako habang kinakabahan. Nasanay kasi ako noon na blangko ang mukha niya dahil wala siyang pakialam at parang nakatingin lang sa bagay na walang kuwenta. Pero ngayon ay iba na. Walang ipinagbago ang hitsura niya dahil gano'n na gano'n pa rin 'yon gaya nang dati. Ngunit ngayon ay may mararamdaman ka nang emosyon. Hindi pa iyon nakikita ay nararamdaman na.

Inalalayan ko siya papalapit sa kotse ko. Nagtamang muli ang paningin namin ni Eerah Anitha. Magkakrus ang braso niya kaming pinagmasdan saka tumabi.

"Hindi ka na ba talaga sasama sa 'min, Lohr?" nakangiti pang tanong niya. Napapikit ako sa asar bago humarap sa kaniya. **"Sorry I asked, but I need a confirmation. Aren't you going to join us anymore? Minsan lang magyaya ang mga classmates natin, oh?"**

"Hindi ako niyaya ng mga 'yon," tiim-bagang na tugon ko. **"Narinig ko lang ang usapan ninyo. Ikaw lang ang imbitado ro'n. Mag-enjoy ka na lang kasama sila. Hindi ako manginginom."**

"Oh, sayang naman ang bonding natin," malungkot kunyaring aniya 'tsaka tumingin kay Taguro. **"Hey there, girlfriend!"** Hindi man lang siya pinansin ni Taguro. **"So you're going out on a date?"** Walang sumagot. **"Enjoy your date, then,"** aniya na nakatingin sa girlfriend ko 'tsaka bumaling sa 'kin. Agad ko siyang pinagkunutan ng noo. **"There's always a perfect time for everything, Lohr, don't worry,"** malandi na namang aniya 'tsaka tinalikuran kami.

Pakiramdam ko ay nanginig ang bawat kalamnan ko. Gusto kong hilahin siya pabalik upang ipabawi ang mga sinabi. Ngunit wala nang saysay kapag ginawa ko pa 'yon dahil narinig nang lahat ni Taguro. Nag-alala na naman tuloy ako sa iisipin niya tungkol sa 'min ni Eerah Anitha.

Ilang segundo na ang lumipas pero wala pa ring kibo si Taguro. Nag-aalala ko siyang nilingon. Tumingin lang siya sa 'kin nang makitang nakatitig ako sa kaniya. Pinilit niyang ngumiti.

"Let's go?" anyaya ko, tumango lang siya.

Hindi kami nagkibuan sa byahe. Panay ang lingon ko sa kaniya ngunit tutok ang paningin niya sa labas. Gusto ko mang alamin ang laman ng isip niya ay nag-aalala akong baka kung saan umabot ang usapan. Habang nagmamaneho ay nag-isip ako ng pwede naming gawin bukod sa pagkain at panonood ng sine. Mahaba pa ang oras namin.

Tahimik siya hanggang makapasok sa mall. Hindi man ako nililingon, panay lang ang tingin sa mga shop na nadaraanan. Minsan pang nauna siyang maglakad kaya nagmadali akong sumabay.

"How's your studies?"nagbukas ako ng usapan.

"Ayos naman, ikaw ba?"

"Hehe, nakalimutan kong matalino ka nga pala." Sinubukan kong magbiro, mang-asar, walang epekto. "Mm, maipagmamayabang kong ayos din naman."

"Mabuti kung gano'n, hindi ako mag-aalala."

"Bakit mo naman inaalala ang pag-aaral ko?" nakangiti ko siyang inakbayan.

"Baka natutuon na sa iba ang atensyon mo, mapariwara kang gaya ko."

Natigilan ako at hindi nakasagot. Pakiramdam ko na naman ay nasa dalawa hanggang tatlo ang ibig niyang sabihin sa binitiwang linya. At alinman sa mga 'yon ay hindi kaya ng utak ko. Hindi ko na naman tuloy

malaman kung ano ang isasagot. At bago ko pa man mapigilan ang sarili ay pekeng tawa na ang aking nagawa.

"Hindi naman, babe. Naiintindihan mo namang busy ako sa pag-aaral ko, 'di ba?" umaasang tanong ko. Ngumiti siya bago tumango. **"Thanks. Malaking bagay na sa 'kin 'yon,"sinsero kong sabi saka hinarap siya**. **"Where do you want to eat? Sa cinema o restaurant? Pwedeng kumain tayo sa resto tapos magbitbit ng pagkain sa cinema."**

"Sige."

"Anong sige, babe? Hehe."

"Gawin natin lahat ng sinabi mo?"

"Sure," wala sa sariling nasabi ko. Nararamdaman ko nang may mali sa 'min ni Taguro.

Ako ang pumili ng restaurant. Siya naman ang namili ng foods. Pinanood ko siyang pahirapan ang sarili sa pagkain. 'Ayun na naman kasi 'yong ugali niyang kunot-noong tinitingnan isa-isa ang bawat piraso ng pagkaing nasa plato niya.

"Parang ngayon na lang uli kita nakasabay na kumain, ah?" nakangiting sabi ko, nag-angat siya ng tingin. **"Na-miss kita nang sobra, babe. Pasensya na sa pagiging busy ko sa pag-aaral."**

Umiling siya. **"Obligasyon mong mag-aral. Maraming oras para kumain nang sabay, Sensui."**

"I know. It's just that I missed you so much. 'Wag ka nang kumontra. I though you missed me too?"

"Of course."

"When?"

"Sa lahat ng oras, Sensui," seryosong sagot niya.

Natigilan ako at mayamaya ay natawa. *Hehehe. May gusto nga pala siya sa 'kin. Syempre, natural lang na ma-miss ka niya sa lahat ng oras, Deib Lohr!*

"Ano ang ginagawa mo kapag nami-miss mo 'ko?" nakangising tanong ko, nanunukso ang tono. Pinagsalikop ko ang mga kamay at itinukod ang parehong siko sa mesa upang mas matutukan ang isasagot niya. **"Bukod sa isipin ako, syempre."**

Tumitig siya sa 'kin at umastang nag-iisip. **"Wala naman,"** inosenteng tugon niya.

Lumaylay ang mga balikat ko. *Wala pa rin siyang ipinagbago!*

"Ikaw ba?" *seryoso niyang tanong, ang paningin ay nasa nakahain.*

"Anong ginagawa ko kapag nami-miss kita?" nakangiting tanong ko.

"Hindi." Deretso siyang tumingin sa 'kin. "Nami-miss mo pa ba ako?"

Natigilan ako. Naramdaman ko nang mawala ang ngiti sa aking labi. "Taguro..."

Sandali kaming nagkatitigan. Parang kinurot ang puso ko nang mabasa ang lungkot sa mga mata niya. Ang pilit na ngiti ay naro'n sa kaniyang mga labi.

Kinabahan ako at huli na para mapigilan 'yon. Pakiramdam ko ay binibigyan niya na naman ako ng linyang may dalawa o higit pang ibig sabihin. Sa t'wing gagawin niya 'yon pakiramdam ko ay galit siya sa 'kin. O kung hindi naman ay may bagay siyang gusto kong aminin. Maaari rin na napapraning ako kaya ko naiisip ang mga 'yon. Ngunit sadyang 'yon ang pumapasok sa utak ko. Marahil ay dahil sa konsensya.

"What?" aniya, tinapos ang pagnguya. Sumandal siya upang tingnan ako. **"May mali ba sa tanong ko?"**

"I just don't get it. I said I missed you, yet you're asking me if I do," pahina nang pahinang tanong ko.

"My question is answerable by yes or no, Deib Lohr. There's no need to explain."

"Yes," agad kong sagot, nalulungkot. **"I told you I missed you, and I will say it again, I miss you,"** emosyonal kong sinabi. **"And I'm still missing you even if we're together."** Iyong totoong siya ang tinutukoy ko. Pakiramdam ko kasi ay ibang Taguro na naman ang kaharap ko. At alam kong ako ang dahilan no'n.

"Really?" ngisi niya.

Sumimangot ako. **"'Wag mo ngang pinaghihinalaan ang**

Ikinagulat ko ang pagtawa niya. **"Wala sa mga nabanggit ko ang kumukuwestyon sa loyalidad mo sa 'kin, Sensui."**

"Eh, bakit ba Sensui ka nang Sensui? Babe nga kasi! Babe!" singhal ko, lalo siyang natawa. **"Tch! Ngayon mo na nga lang ako nakasama. Bukod sa maswerte ka na ay dapat lang na pinahahalagahan mo ang sandaling 'to, Taguro. Pinagtitinginan ako ng mga tao at napakaraming humahanga sa hitsura ko, dapat akong pangalagaan."**

"At ako? Dapat bale-walain lang?" Hindi ko malaman kung bakit nakangiti naman siya pero lungkot ang nakikita ko.

"Taguro...ano ba ang mga sinasabi mo? Kanina ka pa, ah?"

"Hehe, biro lang. Kumain ka na," aniya 'tsaka nagpatuloy sa pagkain.

Ngunit hindi ko na nagawang ibalik pa ang mood ko. Sa sandaling nagkasama kami ngayon ay ilang beses niya nang ginawa 'yon. Pakiramdam ko tuloy, lahat nang sinabi niya ay may mas malalim pang kahulugan. At lahat nang 'yon ay dahil may hinanakit siya sa 'kin. Posibleng napapraning lang ako pero sa t'wing gagawin niya uli iyon ay hindi ko maiwasang isiping tama ako. Hindi ko tuloy alam kung mauubos ko pa ang in-order kong pagkain. Lalo pa nang maging mas tahimik ang pagitan namin. Hindi na siya nagsalita pa. Hindi na rin niya ako tiningnan. Tutok lang siya sa kinakain.

"What do you want to watch?" Pareho kaming tumutok sa mga Now Showing posters.

"'Yong love story."

Love story? Hindi ba't 'yong patayan ang gusto niya?

Tiningnan ko ang poster na tiningala niya. May dalawang babae at isang lalaki. Nakayakap ang isang kamay ng lalaki sa babaeng nasa harapan, habang palihim na nakikipag-holding hands sa babaeng nasa likuran.

Napalunok ako. **"Hehe, bakit 'yong love story, babe?"** naiilang ang ngiting tanong ko. **"Heto ang massacre, babe, 'yan ang gusto mo, 'di ba?"**

"Interesado ako sa love story na 'to," aniya na parang pinag-aaralan pa iyong poster. Napamaang naman ako. **"Titingnan ko kung paanong tatakbo ang love story nila. Sa poster pa lang ay mukhang alam ko na kung saan iikot ang istorya pero gusto kong mapanood."**

"Ang love story nila, babe?"

"Kung paanong nagloko 'yong lalaki sa isa," aniya na itinuro 'yong babaeng kayakap no'ng lalaki. Sinulyapan niya pa ako 'tsaka dumeretso sa ticket lane.

Dalawang beses akong napakurap, pilit na iniintindi nang todo ang kaniyang sinabi bago pa nakasunod.

Hindi ko na naman maintindihan kung bakit biglang kumbog sa kaba ang dibdib ko. Pakiramdam ko na naman ay iba ang ibig niyang sabihin sa pagkakaintindi ko.

"Ako na ang bibili ng ticket," aniya nang makalapit ako. **"Bumili ka na lang ng popcorn."**

"Hindi ka pa busog, babe?"

"Busog naman na. Gusto ko lang nang may mangunguya. Bumili ka na rin ng bottled water. Thanks."

Nagsimula ang istorya sa love story ng dalawang bida, sina Elle at Billy. Matagal na silang mag-on at masaya sa isa't isa. Nakakatuwang makita si Taguro na tumatawa sa t'wing komedya ang eksena, napapatitig pa ako sa kaniya minsan. Ang kaso ay nakilala ni Billy si Serrah sa kalagitnaan ng palabas at nakasundo ito. Mas madalas pa silang magkita nito kaysa sa nobyang si Elle dahil nasa iisa silang school. Habang ang nobya naman niya ay nasa ibang university. Bagaman hindi nababanggit sa istorya ay mababatid ng mga manonood na nagseselos si Elle kay Serrah. Hindi naman 'yon lingid kay Billy.

Dumaan ang panahon at nahulog ang loob ng lalaki sa isa pang babae. Ngunit nararamdaman niya pa ring mahal niya si Elle. May mga sandaling natutukso siyang lapitan ang babae ngunit inaalala niyang parati ang nobya. Nang dumating sa puntong nagkabukingan sila ay nahirapan si Billy na pumili sa pagitan ng nobya at ng babaeng kasalukuyang nagugustuhan.

"Sino sa aming dalawa ang pipiliin mo?" tanong ni Elle, nangingilid ang mga luha, nakakuyom ang mga kamay. Tumingin siya kay Serrah at pinukol ito nang masamang tingin. ***"Malandi kang babae ka! Wala kang kahihiyan! Alam mo nang may girlfriend siya pero hindi mo pa rin siya nilubayan!"***

"Kung talagang mahal ka niya ay siya na ang kusang lalayo sa 'kin, Elle! 'Wag kang estupida!"

"Pero nasa sa iyo pa rin iyon kung alam mong intindihin ang mali at tama!"

"Siya ang sisihin mo! Pwede niyang gawing tama ang mali imbes na piliing gawing mali ang tama!"

"Enough!" sumingit si Billy. Humahangos siyang tinitigan ng nobya.

"Pumili ka, Billy! Kapag pinili mo ako ay tatanggapin kita. Ngunit 'wag kang umasa na magiging tulad ng dati ang pagtingin ko sa iyo. Kailangan mong paghirapang ibalik sa dati ang tiwala kong winasak mo."

"Elle, please..."

"At kung siya naman ang iyong pipiliin ay hindi mo na kailangan pang maghirap. Ako na mismo ang lalayo sa inyo upang mabigyan kayo ng kalayaan."

"Elle, please don't do this..."

"You have to choose, Billy. Hindi dalawa ang puso mo at hindi mo pwedeng pagsabaying mahalin ang dalawang tao."

"Alam ko...alam ko..." **natutulirong anang lalaki.**

"Kailangan mong pumili at gusto kong marinig ang sagot mo ngayon mismo."

"Elle naman?"

"No more excuses, Billy. Pahihirapan mo lang tayong pare-pareho kung patatagalin pa natin 'to," anang nobya habang lumuluha.

Nilingon ko si Taguro. Wala man lang nagbabago sa hitsura niya. At gaya nang magsimula ang palabas ay wala pa rin siyang reaksyon. Hindi ko na naman maiwasan ang mag-alala. Pumasok sa isip ko ang sitwasyon namin ni Eerah Anitha. Pakiramdam ko ay hindi ako nalalayo sa lalaking 'yon.

Ilang beses siyang tinawag na taksil ng girlfriend niya, hindi naman ako taksil, 'di ba?

Ang hirap lokohin ng sarili ko. Naiisip ko pa lang na gano'n ang kalalabasan ng relasyon namin ni Taguro ay parang mabibiyak na ang puso ko.

Tiningnan ko sa screen ang luhaang si Elle. Naramdaman ko talaga ang sakit na dinaranas niya. Pakiramdam ko ay siya na ang pinakanakakaawang babae sa buong mundo dahil sa ginawa ng kaniyang nobyo. Hindi ko rin maiwasang magalit kay Billy dahil marami namang paraan para umiwas siya kay Serrah. Pero simula nang magkasama sila ay halatang gusto niya na ito.

Hindi naman ako gano'n kay Eerah Anitha, ah? Sa simula pa lang ay hindi ko na siya gusto! At lalo ko siyang inayawan dahil ang landi-landi niya! Tch! Hindi! Hinding-hindi mangyayari sa 'min ni Taguro ang nangyari sa mga ito!

Nakanguso kong tiningnan muli ang palabas. ***"I'm choosing Serrah...I'm so sorry, Elle..."*** ani ni Billy.

Nanlaki ang mga mata ko sa linyang 'yon ng lalaki. Nag-flash sa screen ang kabuuan ng mukha ni Elle. Wala man lang siyang karea-reaksyon. Ngunit parang gripo ng tubig na umagos ang kaniyang luha. Nakakaawa. Masakit panoorin. Hindi ako makapaniwalang hanggang ngayon ay ganito ang dating sa 'kin ng mga love story. Akala ko noon ay napanood ko na ang pinakanakakaiyak na palabas nang panoorin ko ang Titanic. Ngunit nagkamali ako. Masyadong masakit ang isang 'to.

Parati akong inaasar ni *Noona*noon dahil pambabae lang daw ang love story movies. Pero sa t'wing may bagong palabas naman ay niyayaya niya akong manood sa sinehan. Sa tingin ko ay hahagulgol na naman siya sa iyak kapag napanood niya ang isang 'to.

Nilingon ko si Taguro nang may marinig mula sa gawi niya. Wala pa ring nagbabago sa hitsura niya. Napalunok ako nang mapanood ang kamay niyang pinipiga ang bote ng mineral water.

Gano'n na lang ba ang panggigigil niya kay Billy dahil sa ginawa nito sa nobya? O hindi kaya...nakikita niya ang sarili sa posisyon ni Elle?Andwae!

"Babe..." tawag ko. Hindi niya ako nilingon. **"Babe, gutom ka pa ba?"** nauutal na tanong ko. Kinabahan ako nang lingunin niya. **"Do you want me to buy you something to eat, babe?"**

"May nakakagutom ba sa istorya?"

Napapamaang akong tumawa nang pilit. "Mukhang nanggigigil ka, baka 'ka ko gutom ka."

"Ang gutom ba ay may lakas na gawin 'to?" Piniga niya ang ubos nang can ng softdrink.

Seryoso siya...tsk! Ano na naman ba ang ginawa ko?

Nakamot ko ang ulo. "Hehe, hindi naman, babe. Pero kahit walang kain ay kayang pigain 'yan."

"'Wag kang kabahan, manood ka na lang."

"Hindi ako kinakabahan, babe."Napanguso ako. ***Nababasa niya ba ang nararamdaman ko?***

"Hindi ka rin marunong magsinungaling, Deib,"pagtatapos niya sa usapan.

Muli kong itinuon ang paningin sa palabas. Kasalukuyang nasa paghihinagpis ang bidang si Elle. Ilang araw, linggo at buwan ang lumipas ngunit iyak pa rin siya nang iyak, nangungulila sa nobyong minahal niya nang matagal. Lalo pa akong naawa rito nang pumunta ito sa mga lugar kung saan sila madalas na nagtatagpo ng nobyo. Ngunit si Serrah na ang kasama nito. Maging sa mga party ng kanilang mga kaibigan ay isinasama nito ang babae. Kaya hindi niya maiwasan ang mapahiya.

Magaling kumuha ng loob si Serrah, kaya nga gano'n na lang kadali para rito ang makuha si Billy. Ngunit hindi inaasahan ni Elle na maging ang mga kaibigan nila ay papabor sa relasyon nito kay Billy. Nadismaya si Elle kaya naman maging sa mga kaibigan ay umiwas siya.

Nagkamali ako nang isiping maghihiganti si Elle at sisirain ang dalawa. Matapos kasing piliin ni Billy si Serrah at makasama ng ilang taon ay 'tsaka palang lumabas ang tunay nitong ugali. Malayo sa nauna nitong ipakita. Lalakero si Serrah, kung kani-kaninong lalaki sumasama. Nagkaro'n sila ng isang anak nang magdalawang taon ang kanilang relasyon. Ngunit nagtapat ang babaeng hindi sigurado kung siya ba ang ama.

Napuno ng pagsisisi si Billy. Nasaktan siya para sa dating nobya hanggang sa huli ng palabas. Nakipagkasundo siya kay Serrah na makipaghiwalay. Hindi na siya nahirapang papayagin ito dahil anito ay may iba na rin itong gusto. Mas mayaman sa kaniya at mas may kakayahang buhayin ang kanilang pamilya.

Bago magtapos ang pelikula ay sinubukang balikan ni Billy si Elle ngunit nabigo siya. Nang una ay nagtago ito ngunit kalaunan ay nakita niya rin ang tunay na dahilan ng pag-iwas nito. Nasaksihan niyang masayang na ito sa bagong nobyo. Ang totoo ay inakala niyang nakita niya na ang pinakamagandang ngiti nito ngunit nagkamali siya. Nang makita niya si Elle na nakangiti kasama ang bagong nobyo ay noon niya lang nakita ang pinakamaganda. Punong-puno ng pagsisisi ang kaniyang dibdib at sa huli ay walang natira sa kaniya.

"Tara," anyaya ni Taguro, inalalayan ko siya. **"Hindi ko gusto ang palabas na 'yan."**

"Eh? Bakit, babe? Okay naman, ah?" sabi ko na muli pang nilingon ang malaking standee no'n sa labas ng cinema.

Kinabahan ako nang mapraning sa posibleng dahilan kung bakit hindi niya nagustuhan ang palabas. Napapalunok akong tumitig sa kaniya.

"Hindi naman gwapo 'yong bida pero pinag-agawan ang king ina," aniya 'tsaka umalis sa harap ko. **"Mga tokis,"** dinig ko pang bulong niya.

Noon ko napagtantong praning nga lang talaga ako. **"Gusto mong mag-dessert, babe?"** nakangiting tanong ko.

"Libre mo ba?"

"Oo naman, yes!"

"Sure," nakangiting tugon niya.

"Saan mo gusto?"

"Kung saan makakasama kita."

"Panay ang paramdam mo ngayon, ah? In love ka na sa 'kin, 'no?"

"Nararamdaman mo na ba?"

"Dati pa."

"Mas ipaparamdam ko pa," aniya 'tsaka pinangunahan akong maglakad.

Napangiti ako lalo 'tsaka ngingisi-ngising sumunod sa kaniya. **"Bakit biglaan naman yata ang pagpaparamdam mo?"**

"Mukhang nakukulangan ka na, eh. Tss."

Natigilan ako dahilan upang muli niyang pangunahan ang paglalakad. Ngunit hindi ko na nagawang sundan pa siya ng tingin. Dahil napako ang mga mata ko sa kinatatayuan niya kanina nang sabihin 'yon. 'Ayun na naman ang makahulugan niyang linya. Napapraning na naman ako, kinakabahan, natutuliro at napapaisip. Hindi ko maintindihan kung talaga bang double meaning ang mga sinasabi niya o binibigyan ko lang 'yon ng ikalawang kahulugan dahil nagi-guilty ako hanggang ngayon.

Nagi-guilty ako dahil may ginawa akong mali at hindi dapat. Pero hindi ito 'yong kasalanan na gusto kong ipaalam pa sa kaniya. Natatakot ako sa iisipin at mararamdaman niya.

"Woi!" nangibabaw ang tinig niya kaya nag-angat ako ng tingin. **"Tara!"** anyaya niya. Natutuliro akong tumango saka humabol. **"Saan mo ako iti-treat ng dessert?"**

"Saan mo ba gusto?" sinikap kong 'wag mautal.

"Do'n na lang tayo, mukhang masarap ang mga desserts nila, oh," itinuro niya ang isang kilalang fast food chain. Dalawang halo-halo at leche flan ang pinagsaluhan namin. **"May gagawin ka sa weekend?"**

Napaisip ako. **"Wala akong pasok pero depende kung may ibibigay na assignment sa Friday,"** ngumiwi ako at saka tumingin sa kaniya. **"Pero kung kaunti naman ay baka matapos ko rin 'yon sa Biyernes mismo. Maaga naman ang uwi ko no'n. Bakit?"** inosenteng tanong ko.

Nakatingin lang siya sa 'kin habang ngumunguya. Wala sa sariling napangisi ako nang may maisip.

"Siguro ay yayayain mo na naman akong mag-date, 'no?"

Ngumiwi siya lalo 'tsaka tumango. **"Kung gusto mo."**

"Anong araw?"

"Sa Linggo sana," seryosong tugon niya.

"Talaga? Linggo pa naman pala. Tatapusin ko agad lahat ng kailangan kong gawin. Para sa 'yo ang buong araw ko ng Linggo."

"Hanggang Martes...kung pwede."

Sandali akong natigilan at nakangusong tumitig sa kaniya. **"Ide-date mo ako hanggang Martes?"** hindi makapaniwalang tanong ko. Hindi siya

sumagot maski tango. **"Ay, grabe!"** naibulalas ko, tumaas naman ang kilay niya. **"Hahaha! Patay na patay ka talaga sa 'kin, 'no?"**

"Eh?"

"Tch! Kung ako nga ay madalang kang i-date, 'tapos ikaw ay two to three days pa? Bwahahaha! Deads ka talaga sa 'kin, Taguro! Hindi ka lang talaga showy! Pero ayos 'yan! Gusto ko 'yan!"

"Tss."

"Pero...hanggang Tuesday? Eh, may pasok tayo no'n, 'di ba? 'Wag mo sabihin na a-absent tayo?" kunot-noong tanong ko. **"Hindi ako pala-absent, babe."**

"Walang pasok. Dahil sa nangyaring insidente ay mawawalan pansamantala ng klase," seryosong aniya. **"Hindi ba nabanggit iyon sa 'yo ng lolo mo o ng Chairman ninyo?"**

"Hindi, babe. Nitong mga nakaraan kasi ay nag-aaral ako, 'di ba?"

"Oo. Kaya nga binabaan mo agad ako ng telepono kagabi, eh," mahinang aniya ngunit dinig ko.

Napanguso agad ako. **"Babe naman...'wag mong masamain 'yon. At saka magkasama naman tayo ngayon."**

"Kung hindi kita pinuntahan ay hindi tayo magkakasama."

"Babe..."

"Tss."

"Galit ka?"

"Hindi kita pupuntahan kung galit ako, Sensui."

Bumuntong-hininga ako at ngumuso. **"Kung walang pasok, sige, sasama ako. Babawi ako."**

"Okay."

"Saan naman ang punta natin? Ano 'yon? Araw-araw tayong aalis?" nakangiting tanong ko, ngayon palang ay nasasabik na ako. **"Na-excite tuloy ako, babe! Hahaha! Kunsabagay, ilang araw na rin tayong busy sa pag-aaral—"**

"Ikaw lang."

"At ikaw ay hindi?" nanlalaki ang mga matang tanong ko, umismid lang siya. **"At saan ka naman busy kung hindi sa pag-aaral? Kay Lovemir?"**

"Ang hilig mong magsali sa usapan ng taong hindi kailangan."

"Tch. Kaya pala no'ng oras ng insidente ay magkasama pa kayong lumapit sa 'min? Bakit ba kasama mo 'yon?"

"Kasama mo rin kasi 'yong asawa niya, eh," kaswal niyang tugon.

Bakit ba naitanong ko pa 'yon? Tsk! **"Tch! Forget it!"** Kailangan kong ibahin ang usapan. **"I think it's time to relax and I deserve a date."** Nakangiti ko siyang tinitigan. **"So, where are we going? Is it planned?"**

"Of course it is," seryosong tugon niya. **"Sa Batanes."**

"Bakit ang layo naman, babe?" nagtatakang tanong ko.

"Nakapunta ka na ba ro'n?"

"Hindi pa," nakangusong sagot ko.

"Ako rin."

"Bakit do'n, babe?"

"Sabi kasi nila ay iyon ang New Zealand ng Pilipinas."

"Talaga?" namamanghang tanong ko, napakarami niya talagang alam. **"Eh, kung iyon nga ay ano naman?"**

"Gusto kong malaman kung totoong mararamdaman mong nasa New Zealand ka na kapag nakarating ka ro'n."

"Tch. Eh, paano mo malalaman 'yon? Nakarating ka na ba sa New Zealand?"

"Hindi pa rin. Kaya nga doon ko gusto ay para parang naro'n na rin ako."

*Ang wirdo niya talaga!*Mayamaya'y ngumisi ako. **"Tsk tsk tsk. Siguro ay gusto mo akong ma-solo, 'no?"**

"Bawal ba?"

"Hindi naman pero...three days 'yon, Taguro," mapanuksong sabi ko. **"Sa loob ng tatlong araw na 'yon ay pwedeng mas lumala ang nararamdaman ko sa 'yo."**

"Eh, di mas maganda," nakangiting tugon niya 'tsaka lumaghok sa sariling baso.

"Pero maitanong ko lang, bakit biglaan naman yata?"

Kumunot ang noo niya. **"Biglaan?"**

"Oo, hindi ka naman dating nagyayaya ng ganiyan, 'di ba?" Ngumiwi siya at nag-isip 'tsaka tumango. **"Eh, bakit bigla kang nagyaya ngayon? May maganda bang nangyari sa 'yo?"**

"Marami."

"Talaga?" hindi makapaniwalang tanong ko, natutuwa. **"Gaya ng ano?"**

"Nang dumating ka sa buhay ko."

"Aissh! Alam ko na 'yan, Taguro! Ngayon mo lang na-realize ang swerte mo?"

"Tss." Hindi man lang siya ngumingiti, pansin ko ay kanina pa siya seryoso.

Wala na naman siguro sa mood. Tch! Pero excited na ako sa araw na 'yon, hehe! Ano kaya ang mangyayari sa Batanes? Bwahaha! Ang mga puso, Taguro! Ang mga puso...

"Plinano ko ang lakad na 'to," seryoso pa ring dagdag niya. Doon palang nagtama ang mga mata namin. Napalis ng mga seryosong titig niya ang ngiti sa labi ko. **"Mahalaga kasi sa 'kin ang araw na 'yon. Kung kataka-taka at nakakagulat para sa 'yo, hayaan mong ipaalala ko."**

Natitigilan akong tumitig. "Ang alin, babe?" Napalunok ako.

"Ang Anniversary natin."

Lalo pa akong natigilan at napatitig. Hindi ko nagawang sumagot. Binalot ako ng kaba.

Bakit nga ba hindi ko naisip at naalala 'yon? Bakit?

Naunang nagbawi ng tingin si Taguro at itinuloy ang pagkain. Sunod-sunod akong napalunok. Kaya siguro kanina pa siya seryoso ay dahil batid niyang wala akong naalala. Nawala talaga 'yon sa isip ko at hindi man lang sumagi sa alaala ko nitong mga nakaraan.

Nakonsensya ako. Gusto kong aluin si Taguro ngunit pakiramdam ko ay huli na ang lahat. Walang mababasang galit sa mukha niya ngunit ang lungkot ay makikita sa kaniyang mga mata.

Babe...

OceanofPDF.com

CHAPTER 185

MAX'S POV

NAGUGULAT AKONG tinitigan ni Sensui. Inaasahan ko nang nawala sa isip niya ang tungkol sa anniversary namin. Nasaktan at nalungkot ako sa gano'n kaliit na bagay. Pakiramdam ko tuloy ay ibang tao ang kaharap ko. Bagaman kasi inaasahan ko na, meron pa rin sa 'king umaasa na maaalala niya.

'Yon kasi siya, eh...

Pinigilan kong malungkot. Ayaw kong maging emosyonal at mas lalong ayaw ko na makita niya 'yon. Hindi ito ang tamang oras para ro'n. Lalo pa at ganiyan ang kaniyang lagay. Pakiramdam ko ay hindi niya magugustuhan at iisipin na nag-iinarte lang ako. Mas sasama ang loob ko kapag gano'n ang nangyari.

"Sorry, babe, nawala sa isip ko," halatang kabadong aniya. Natinag ako at tumitig sa kaniya. **"Naging busy kasi ako sa pag-aaral at doon ko talaga ibinuhos ang buo kong atensyon at oras."** Batid kong nagsasabi siya nang totoo, hindi ko rin dapat na kuwestyonin ang bagay na 'yon.

Maganda ang dahilan niya, Maxpein. Pag-aaral.

Ngumiti ako kahit na ang totoo ay nalulungkot pa rin ako. Sa kabila nang katotohanang naiintindihan ko siya ay hindi ko maiwasan na malungkot.

"Ayos lang, naiintindihan ko naman 'yon," sinserong sabi ko, ngumiti siya. **"Ganiyan yata talaga kapag college student na."**

"Mas busy. Ngayon pakiramdam ko ay napakarami kong dapat gawin. Kahit na ang totoo ay wala naman masyado. Mali ang time management ko lalo na kapag nagkakasabay-sabay lahat. Katatapos ko lang sa isang bagay, meron na namang bago."

"Mm, ganiyan din si Maxwell noon kaya naiintindihan kita," kwento ko. **"Minsan ay hindi na kami nagkikita dahil busy siya masyado. 'Yong studies na nga ang tumatayong girlfriend niya,"** natawa ako. **"Anyway, maganda 'yong priority mo ang pag-aaral."** Hindi ko alam kung akma pa ba sa usapan ang sinasabi ko.

"Maiintindihan mo rin ako kapag nasa college ka na."

"Oo naman. Ngayon pa nga lang ay naiintindihan na kita."

"Pero 'wag mo sana isipin na hindi importante sa 'kin 'yong anniversary natin."

"Hindi ako nag-iisip ng gano'n. Tss. Ikaw pa ba?" Natawa ako uli. Pero hindi ko na alam kung kasing sinsero pa ba 'yon gaya kanina. Pakiramdam ko ay may kaunting bitterness na sa akin. **"Hindi rin kasi maganda 'yong mga nangyayari nitong nakaraan. Nakakaapekto sa 'ting pareho. Lalo na siguro sa 'yo, kaya hindi mo naalala."**

"Hindi!" bulalas niya.

Hindi ko naiwasang magulat sa pagtataas niya ng boses. *Masyado naman yata siyang alisto? Tss.*

Maging siya ay napansin ang iniasta. "I mean hindi ako masyadong nakaapekto sa 'kin ang insidenteng 'yon, babe. No'ng una siguro, oo, kasi sino ba namang hindi magugulat, 'di ba, babe? Hindi 'yon normal at hindi nararanasan ng kahit na sino sa araw-araw nilang pamumuhay kaya talagang nakakagulat. Pero talagang busy lang po ako sa pag-aaral ko. Nabanggit ko naman sa 'yong Preliminary Exam na namin, 'di ba, babe?" Hindi ko lubos na maintindihan kung bakit kailangan niyang magpaliwanag nang gano'n kahaba at kabilis.

Napabuntong-hininga ako. "Sinabi ko nang ayos lang, 'di ba?" sinikap kong 'wag mainis.

"Oo nga po, babe."

"Tss."

"Sinasabi ko lang, babe, I love you, babe."

"Sinabi ko na ring naiintindihan ko, Sensui."

"Babe nga po kasi," nakangusong aniya. Nakangiwi akong nagtuloy sa pagkain. **"Excited na po ako sa Batanes, babe."**

"Excited ako sa anniversary," mapait kong tugon.

Ngumuso siya. **"Iyon na nga po, babe. At saka sa Batanes po, babe."**

"Tigilan mo nga ang ka-po-po? Tss." Hindi ko naitago ang pangunguot ng noo. *Hindi niya naman ugali 'yon, tss.*

"Ang sungit mo."

"Ang wirdo mo."

"Wow, ako pa talaga, Taguro?"

"Eh, di ako nalang, nakakahiya naman sa 'yo. Tss." Kailangan ko nang mahabang pasensya. *Ikaw nga 'tong nagpapakawirdo nitong mga*

nakaraan...tsk.

"Galit ka pa ba, babe?"

"Hindi ko matandaang nagalit ako sa 'yo, Sensui."

"Ibig kong sabihin dahil hindi ko naalala ang anniversary natin. Galit ka pa ba?"

"Hindi ako nagalit."

"Sumama ang loob mo, babe?"

"Hindi rin."

"Kahit hindi ko naalala ang anniversary natin, babe?"

Kailangan niya pa ba talagang paikut-ikutin ang tanong bago niya makuha ang sinasabi ko? Tsk. Ang slow talaga. Ngumiti ako. **"Okay lang. Naaalala mo naman na ngayon, 'yon ang mahalaga sa 'kin,"** iniwasan kong maging mapait.

"Salamat sa pag-intindi, babe."

Tinapos namin ang pagde-dessert, nagtingin-tingin sandali at saka napagdesisyunang umuwi.

"Wala kang dalang motor?" tanong niya nang nasa parking lot na kami. Umiling ako. **"Paano ka pumunta sa school kanina?"**

"Nag-jeep."

"Hahaha, gusto mong ihatid kita, 'no?"

Tss, ano ang nakakatawa? **"Pwede rin namang hindi kung uwing-uwi ka na talaga."**

Nanlaki ang mga mata niya. **"Ang sungit mo, babe. Matapos mo kong pasayahin..."** Pahina nang pahinang aniya, nakanguso pa.

Sandali akong tumitig sa kaniya, ipinagtaka niya 'yon. **"Masaya ka ba talaga?"**

Nanlaki ang mga mata niya. **"Syempre naman!"**

"Okay."

"Babe, galit ka pa yata, eh."

"Tss. Mukha bang galit ang tanong ko?"

"Hindi."

"Galit ba ang paraan nang pagtatanong ko?"

"Hindi rin."

"Eh, di hindi ako galit."

"Galit ka, eh."

"Tss. Sige, ipilit mo."

"Masama ba ang loob mo dahil hindi ko naalala ang anniversary natin?"

Ang kulit! Naglapat ang mga labi ko. *Hindi ako titigilan nito hangga't hindi ko sinasabing galit ako. Tss.***"Hindi ko masabing hindi pero OA naman kung sasabihin kong oo."** Natawa pa ako kunyari. **"Tara, ihatid mo na ako."**

"Sigurado ka, ah?"

"Oo nga."

"Mamatay man ako?"

Nangunot ang noo ko. "Hindi ka kayang patayin ng galit ko, Sensui. 'Wag mo akong kausapin nang ganiyan at ihatid mo na ako."

"Sige, babe." Napapahiyang ipinagbukas niya ako ng pinto at inalalayang makaupo.

"Magpaalam ka na tungkol sa Batanes."

"Panigurado namang papayagan ako, babe."

"Magpaalam ka pa rin."

"Magpapaalam nga po, babe."

Hindi na kami nagkibuan pauwi. Aminado akong excited ako sa Batanes. Bukod kasi sa nasasabik akong makakita nang magagandang tanawin ay nami-miss kong makasama siya. Parang naging abala kami masyado nitong nakaraan. Nasa iisang school kami pero madalang magkita.

"Wala kang pasok bukas?" tanong niya nang makarating sa bahay. Umiling ako. **"Kailan uli tayo magkikita?"**

"Busy ka 'ka mo sa pag-aaral? Saka na lang kapag hindi ka na busy. Magkakasama naman tayo ngayong weekend."

"Oo nga. Hindi na ako makapaghintay," nakangiting aniya. Hindi na ako kumibo pa. **"Uuwi na ako."**

"Sige, baka may gagawin ka pa."

"Babe naman?"

"What?"

"Parang galit ka kasi."

Seryoso ko siyang tiningnan. "Wala namang dahilan para magalit ako, 'di ba?"

"Bakit gano'n ang pakiramdam ko?"

"Malay ko? Katawan ko ba 'yang nasa 'yo? Tss."

"Babe..."

"May ginawa ka ba para magalit ako sa 'yo?"

"Wala, ah!"

"'Yon naman pala, eh, bakit tanong ka pa nang tanong? Kanina ka pa."

"Kasi parang iba lagi ang dating sa 'kin ng mga sinasabi mo."

"Bakit?"

"I don't know. Mula pa kanina. Pakiramdam ko ay double meaning parati ang sinasabi mo. Para bang sa simula ay mababaw lang ang ibig sabihin pero kapag inisip ko na ay may mas malalim pa palang kahulugan."

Praning... Bumuntong-hininga ako. **"Minsan sa sobrang guilt natin ay kusa tayong gumagawa ng kasalanan sa isip natin, Sensui. Iwasan mo 'yan, baka makasanayan mo."**

"Eh, ikaw kasi! Tsk."

"Nanisi pa," bulong ko. **"Ikaw 'tong kung ano-ano ang iniisip."**

Hindi ko talaga maitatangging maging ako ay nararamdaman ang sinasabi niya. Parating may ibang laman ang sinasabi ko at alam ko iyon.

Malamang, ako ang nagsabi, eh. Tss.

"Kapag ba ibinigay ko sa 'yo ang buong oras ko ay babalik ka sa dati, babe?" biglang tanong niya.

"Bakit? Malaki ba talaga ang ipinagbago ko?"

"Hindi."

"Bakit kailangan ko pang bumalik sa dati?"

"Eh, kasi..." Hindi niya malaman ang isasagot.

"'Wag ka kasing praning."

"Hindi ako magkakaganito kung wala akong nararamdamang kakaiba sa 'yo, babe. Intindihin mo naman ako," malungkot na aniya. **"Ayaw ko ng ganito tayo. Pakiramdam ko ay may kung anong nakaharang sa 'tin, hindi na tayo tulad ng dati."**

Bumuntong-hininga ako. *Baka nga may iba na sa 'kin.* **"Pwede bang 'wag mo nang isipin 'yon?"** malumanay kong sinabi. Nag-aalala pa rin ang kaniyang mukha. **"Babe, wala akong ibang ibig sabihin. Ugaliin mong unawain ang una kong sinabi. 'Wag mo nang bigyan pa ng ibang kahulugan."**

"Tch."

"'Wag ka na rin ngumuso, ang cute mo."

"Ayaw mong nakikita akong cute?"

"Gusto ko."

"Bakit ayaw mong ngumuso ako? Tch!" asik niya. Natawa na lang ako. *Para akong may kausap na pre-school, bawat sagot ay bumubuo ng tanong.* **"Pero kung ibibigay ko sa 'yo ang buong oras ko—"**

"Hindi mo kailangang gawin 'yon, Sensui." Inunahan ko na siya, bago niya pa ulitin ang tanong."Gusto kong matuon ang buong atensyon mo sa pag-aaral."

"Buo? Eh, paano na tayo?"

"Tss. Bakit? Hindi ba pwedeng hintayin kitang matapos? Nag-aaral din naman ako. Pareho nating gawing abala ang isa't isa sa pag-aaral. Marami namang oras para sa 'tin pagkatapos."

"Hindi mo ako ipagpapalit?"

"Bakit naman kita ipagpapalit?"

"Baka kasi kapag busy na ako ay bigla kang maghanap ng bago," nakanguso niyang sabi.

Natawa ako. **"Bagong ano? Nobyo? Ang ganda ko, ah?"**

"Seryoso ako, Taguro."

"Mas seryoso ako, Sensui."

"Ako lang ang mamahalin mo, ah?"

"Oo naman," nakangiti at sinsero kong sabi.

"Ayaw ko nang maghanap ng iba, ikaw lang ang gusto ko."

"Hindi hinahanap ang pag-ibig, Sensui, nandiyan lang 'yan—"

"Makinig ka na lang sa sinasabi ko, Taguro. At tigilan mo ang katatawag sa 'kin ng Sensui! Babe nga kasi! Babe! Babe! Babe!"

"Oo na, babe."

"Tsk! Mag-iisang taon na tayo't lahat ay ganiyan ka pa rin!"

"Mag-iisang taon na kitang mahal," nakangiti kong sabi. Sandali siyang natigilan bago nagpigil ng ngiti. *Kinikilig na naman. Tss.*

"Mag-iisang taon na rin kitang mahal."

"Asa."

"Oh, bakit?"

"Lampas isang taon ka na, bakla."

"Ano? Anong bakla!"

"Bakit, hindi ba?"

"Hindi! Mag-iisang taon pa lang tayo kaya mag-iisang taon pa lang din ang nararamdaman ko sa 'yo, tch! Ang taas ng pangarap mo, mataba!"

"Mali ang kalkula mo kung gano'n."

"Bakit?"

"Hindi ba't may gusto ka na sa 'kin bago maging tayo? Eh, di lampas isang taon ka nang may gusto sa 'kin."

"Grabe..."

"Itanggi mo?"

"Oo na!"

"Tss. Naturingang Engineering ay hindi marunong magbilang," bulong ko, nanlaki ang mga mata niya.

"Hindi lang pagbibilang ang ginagawa namin!"

"Mali ka pa ring magbilang."

"Ang yabang mo, Taguro!"

"Inborn, Sensui."

"Mayabang ka!"

"Oo na."

"Hambog!"

"Ako nga 'yan, hehe."

"Tch! Uuwi na ako."

"Ingat sa byahe. Sa bahay ka na magbilang at baka magpatanga-tanga ka sa daan. Ingat."

"Ano?"

"I love you."

"Bawiin mo 'yong sinabi mo!"

"I love me."

"Taguro!"

"I love us."

"Tsk!"

Nagbaba ako ng tingin. Ano ba ang gusto niya? King ina naman, eh.

"Sige na nga, uuwi na ako! Ipinagtatabuyan mo na ako!" asik niya.

"Tingnan mo 'to, gumagawa ka na naman ng istorya diyan sa isip mo."

"Hehe, hindi na, babe."

"Sige na. Ingat sa biyahe."

"I will, thanks, babe. I love you."

"Mm, 'tsaka ano..." habol ko.

Inosente siyang lumingon. "Ano, babe?"

Nag-iwas ako ng tingin. "Ang gwapo mo ngayon," nautal pang sabi ko, kamot ang noo.

Nang hindi siya makasagot ay nahihiya akong sumulyap. Napailing ako sa laki ng mga mata niya.

"Gusto mong halikan kita, 'no?"

"Hanep, pinuri lang ay nagpapahalik na? Umiiral na naman 'yang sakit mo."

"Wala akong sakit, Taguro! Ilang araw na kitang hindi nahahalikan!"

"Dahil hindi kailangan ang paghalik kapag nag-aaral, sige na, sumibat ka na."

"Pinapaalis mo na talaga ako."

"Oo, dahil kung ano-ano na namang pagpapa-cute ang gagawin mo bago ka pa makauwi. Gabi na."

"Mas matamis ang kiss kapag gabi, babe."

"Wala akong panlasa ngayon."

"Tsk! Ang dami mo namang dahilan!"

"Ang dami mo rin kasing gusto."

"Ayaw mo na bang magpahalik sa 'kin?"

"Tss. Oh, sige na," lumapit ako't humalik sa labi niya. Agad na sumilay ang nakakaloko niyang ngiti.

"Ibang level ka na ngayon, Taguro, ah? Ikaw na ang sumusunggab sa 'kin," panunukso niya, nahiya tuloy ako.

"Para makauwi ka na agad."

"Aalis na talaga ako. Mag-iingat ako para sa 'yo."

"'Wag para sa 'kin—"

"Para sa akin, para sa pamilya ko at para sa 'yo. Ang daming itinatanggi," nakasimangot niyang asik. Muli siyang humalik sa pisngi ko, kumaway bago sumakay sa kotse. **"I love you with all of my hearts! I love you, babe!"** sigaw niya pa bago tuluyang umalis.

Kakaiba talaga, pero iyon ang na-miss ko sa kaniya.

Sandali ko pang tinanaw ang pag-alis niya bago ako tuluyang pumasok. Wala naman kaming masyadong ginawa pero pakiramdam ko ay napagod ako nang todo. Kaya naman hindi ko namalayan ang paglapit ni Naih, nagulat pa ako nang humarap siya sa 'kin.

"Grabe, ang lakas ng bunganga ni Sensui, dinig ko hanggang banyo!" aniya na sinilip pa ang labas.

"Nakasibat na," sabi ko, muli siyang humarap sa 'kin. **"Mas malakas pa rin ang boses mo, 'wag kang mag-alala,"** inihilig ko ang batok sa sofa.

"Grabe, naingayan ako sa kaniya."

"Ano ba ang ginawa mo?"

"Ano pa? Eh, di dumudumi!"

Hobby niya nga pala 'yon. Umiling lang ako.

"Oh, kumusta ang lakad ninyo?" usisa niya.

"Ayos naman."

"Nag-date kayo?" tanong niya, tumango lang ako. **"Nakakainis! Busy si Lee kaya hindi kami makapag-date,"** hindi na ako kumibo. **"Anyway, kalat na naman sa balita ang BIS, Max. At alam mo ba ang issue?"** Tiningala ko siya, naantig ang interes ko. **"Meron nang lead. At ang itinuturong suspect sa pangyayaring iyon ay iyong pamilya niyang si Eerah Anitha na sinasabi mo. Myembro siya ng pamilyang Rewis!"**

Literal na nanlaki ang mga mata ko. Agad akong napatayo at ikinagulat niya 'yon. **"Ano ang ibig mong sabihin?"**

Napaatras siya. "Teka naman. 'Wag masiyadong hot, Max, action masyado ang datingan, eh," aniya na isinuko pa ang parehong kamay. Nagsalubong ang mga kilay ko, napalunok siya. **"Totoo. Napanood ko sa balita kanina. Mamaya raw ay i-interview-hin 'yong Chairman ng mga Rewis."**

Hindi ako nakapagsalita. Bigla akong nag-alala. Inalala ko ang nangyaring pag-uusap sa pagitan namin ng pamilya ko. Wala akong maisip na dahilan para malaman ni Naih ang mga ito ngayon.

"Saan mo narinig 'yan?" wala sa sariling tanong ko.

"Sa balita nga, 'di ba? Duh? As in *duh*?" maarteng aniya.

Napaismid ako, naguguluhan. **"Sino ang nagsabi sa balita na sila ang nakikitang suspect?"**

"Eh, di 'yong tagapagbalita! Ano ba? Bakit ang slow mo yata ngayon?"

"Tss. Kanino nanggaling ang impormasyon na 'yon? 'Yon ang tanong ko."

"Hindi naman kasi ganiyan ang pagkakasabi mo," nakangusong bulong niya. Pero dahil nanatili akong galit ay natinag siya. **"Walang nabanggit kung kanino galing ang info. Basta ang sabi no'ng newscaster ay sila ang itinuturong suspect sa nangyaring pagsabog."**

"Ano naman daw ang motibo nila?"

"Ma."

"Anong ma?"

"Malay ko!"

"Tsk."

"Aba, stop me! Bakit sa 'kin ka nagagalit, eh, sa iyon lang ang sinabi no'ng newscaster. Saka bakit ba bigay na bigay ka naman sa pagtatanong?"

"Bigay na bigay?" kunot-noong tugon ko.

"Iyan!" dinuro niya ang mukha ko. **"Bakit apektado ka?"**

"Naih, alam mo naman kung gaano kalaki ang insidente na 'yon. Sino ang hindi maaapektuhan?"

"Oo nga, nando'n na 'ko. Pero iba kasi ang buwelta mo, eh! Isa ka ba sa tinamaan? Hindi naman. Umamin ka nga, may nalalaman ka ba, Max?"

"Saan?"

"Sa bubuyog," ngiwi niya. **"Syempre, sa mga nangyari! Sa Rewis? Sa lahat!"**

"Wala," pagsisinungaling ko. Hindi niya na dapat malaman na ang mga Rewis din ang siyang pinaghihinalaan ni Heurt.

"Naku! Ako pa talaga ang ginanyan mo, ah?" nakangiwing aniya, tiningnan ko lang siya. **"Kung ano mang plano mo, mag-ingat ka,"** sumeryoso siya. **"Hindi na 'to gaya no'ng mga nakaraan, Max. Mas delikado na. At kung pwede, 'wag ka nang makisali. Hayaan mo nang batas ang umasikaso."** Napabuntong-hininga ako. **"Kung gano'n ay kailangan palang mag-ingat ni Sensui diyan sa Eerah Anitha na 'yan?"**

Sa halip na sumagot ay napaisip na lang ako. Hindi nawala sa isip ko ang mga sinabi niya hanggang sa makapagpahinga.

Gano'n ba talaga sila ka-obvious kaya pati ang iba ay nahuhulaan? At saka bakit nga ba nila ginagawa 'to?

Lalo pang lumalim ang pag-iisip ko nang ako mismo ang nakapanood ng mga balita. Tuloy ay naging abala ang mga Moon sa pag-iingat. Lahat ay may kani-kaniyang ginagawa at binabantayan.

Madalas akong makipagkita kay Heurt sa TB. Nahihirapan siyang humanap ng ebidensya at impormasyon tungkol sa mga Rewis. Tuloy ay hindi ko maiwasang mahiwagaan sa mga ito. Dahil bukod sa 'min, wala akong nakikilala mahiwaga ang pagkatao.

Binakante ko ang araw ng Linggo matapos ang pagiging abala. Ayokong agawin ng mga inaasikaso ko ang atensyon ko sa pagse-celebrate namin ng

anniversary ni Sensui. Gusto kong kapag nagkasama kami ay payapa ang buong sistema ko.

Sana lang ay natatandaan niya pa ang sinabi ko. Tss.

Matapos maligo ay tinawagan ko si Sensui. Pero natapos ang isang tawag nang hindi niya sinasagot. Nang sumubok akong muli ay sinagot niya matapos ang tatlong ring.

"Hello?" halatang bagong gising pa siya.

"Sorry kung nagising kita."

"Babe..."

"Inaantok ka pa ba?"

"Antok...babe..." Hindi ko man siya nakikita ay batid kong nakanguso siya habang nakapikit.

"Sige, matulog ka pa."

"Mm."

"Bye—"

"Diyan ka lang."

"Saan?"

"'Wag mong ibababa."

"Tss, eh, di nangalay naman ako?"

"Antok...babe." Pahina nang pahinang aniya, gusto kong matawa.

"Sige, matulog ka pa," sabi ko, hindi na siya sumagot.

Nakangiti kong kinuha ang tuwalya at muling ipinunas 'yon sa buhok ko. Hindi ko alam kung ano ang nakakatuwa sa ganitong ginagawa namin. Pero pakiramdam ko ay masaya ako at kontento sa lahat.

Naiinis lang talaga ako sa t'wing maaalala ko kung ilang beses ko na silang nakitang magkasama ni Eerah Anitha.

Tss. Parang walang nangyari, ah? Ilang beses naming pinag-awayan ang babaeng 'yon pero parang mas nadikit pa sa kaniya. Naging mas madalas pa nga. Magkakaganoon pa rin kaya kung titigilan ko ang pagpapalayo sa kaniya sa babaeng 'yon? Sana ay hindi na.

Napagdesisyunan kong 'wag nang pilitin si Sensui na layuan si Eerah Anitha. Kahit ako ay aminadong nakikita ko na nahihirapan talaga siyang layuan 'to. Parang ang babae ang kusang lumalapit. At habang pinagsasabihan ay lalong nananadya, dumidikit lalo kay Sensui.

At ngayong nalaman kong isa ka palang Rewis, mas kakailanganin kong maging malapit ka sa 'kin.

LOVEMIR'S POV

"Eerah, let's go!" anyaya kong muli rito.

Mahigit dalawang oras niya na akong pinaghihintay at hindi ko na natiis na katukin siya sa sariling kuwarto.

"Ano pa ba ang ginagawa mo?"

"Will just—wait?!" pasigaw niyang tugon.

Napabuntong-hininga ako. **"Baka ma-late na tayo sa flight!"**

Biglang bumukas ang pinto at bumungad sa 'kin ang mataray niyang mukha. **"You know what, I hate you! Ikaw 'tong nagpumilit na isama ako tapos ngayon ay mamadaliin mo 'ko? You're so stupid, Lovemir!"**

Kumunot ang noo ko. **"Sinabi ko naman sa 'yo kung anong oras ang flight natin, 'di ba?"** sinikap kong maging malumanay.

"Sinabi ko rin naman sa 'yo na ayaw kong sumama, 'di ba? Nagpumilit ka lang talaga! You know what? You should be thankful! Ugh!" singhal niya 'tsaka nagpaunang maglakad.

"Let me," sabi ko na kinuha ang maleta mula sa kaniya. **"Be careful."**

"I can do this!" inagaw niya ang braso nang alalayan ko siya pababa.

"Kung bakit naman kasi kailangang mag-heels ka pa?" malunay na tanong ko. **"Mahihrapan ka lang diyan."**

"Lovemir, ano ba?" muling bulalas niya. Napabuntong-hininga na lang ako dahil sanay na ako sa kaniya. **"Will you just shut up and let us go? Ang ingay-ingay mo at ang dami-dami mong sinasabi!"**

Sinunod ko siya. Matapos niyang makapagpaalam sa yaya ay dumeretso na kami sa sasakyan kung saan naghihintay ang driver ko. Isinakay ko ang mga bagahe niya. Hinayaan ko siyang sumakay, batid kong ayaw niyang magpaalalay.

Tahimik kaming bumiyahe hanggang airport. Hinayaan niya akong buhatin ang mga gamit namin hanggang makasakay sa eroplano.

"Until now, I still don't understand why we have to go there together. You can go alone, stupid," mayamaya'y aniya, kinuha ang maliit na kahita mula sa bag at nagsimulang mag-retouch. **"Stop staring at me, Lovemir."**

"Will you please stop acting like this?" pakiusap ko sabay buntong-hininga. **"Niyaya kita dahil gusto kitang kasama."**

"Ugh! I'm not stupid para hindi malaman ang dahilang 'yan, Lovemir," sarkastikang aniya. **"Ang hindi ko lang maintindihan ay kung bakit patuloy mo pa ring ipinipilit sa 'kin ang sarili mo."**

"Hindi ko rin maintindihan kung bakit parang nakalimutan mo na ang nararamdaman ko," mahinang sabi ko ngunit naro'n ang diin.

Natigilan siya at bagaman hindi lumingon ay batid kong nakatingin siya sa 'kin. **"Simple ang sagot sa ikinagagalit mo, Eerah. Maski ang Diyos ay alam na mahal kita, mahal pa rin kita at kailanman ay hindi 'yon nabawasan. Mas nadaragdagan pa sa t'wing hindi kita makakasama. Dahil doon ko nararamdaman kung gaano ka kahalaga at kung gaano kitang kamahal."** Hindi ko napigilang maging emosyonal.

"Oh, shut the hell up," pabulong niyang sabi saka nag-iwas ng tingin.

Nadinig ko siyang bumuntong-hinga. Alam kong hindi pa siya tapos sa pagre-retouch. Pero dahil sa inis ay isinilid niya na lang ang gamit.

"Why can't you just leave me alone, huh?" Inaasahan ko nang hindi pa siya tapos magsalita. Hindi man lang siya nag-abalang lumingon sa 'kin.

"Because something always brings me back to you, Eerah."

"Oh, come on!" Doon pa lang niya ako nilingon.

Hindi ako makapaniwalang ang dating emosyonal na babaeng minahal ko ay mas malamig pa ngayon sa yelo.

"You have to move on, Lovemir, that's part of everybody's life! If you will keep on coming back to me, walang mangyayari sa 'yo. Inaabala mo pa ako."

"Eerah, if it's easy for me then things would be different and we will not be here today. I can suffer the consequences and eat the pain." Kahit na anong hirap ko sa pagpapaliwanag ay wala nang akmang salita para makumbinsi siya. **"Please stop pushing me away because I can't let you go that easily."**

"You already did let me go, Lovemir," sa unang pagkakataon ay naging mahinahon ang pananalita niya. Natigilan ako at napatitig sa kaniya. **"That's the main reason why I ended up like this."** Umaasa akong may makikita akong maski katiting na emosyon sa kaniya pero nabigo ako. **"It takes only a moment to say that you love someone, Lovemir. But it takes a lifetime of regret if you let that moment slip away."**

"Eerah..."

"I never did regret you, Lovemir or say that I wish I'd never met you. Because when we were together I was the happiest. You were exactly what I needed. But I have had enough pain to make my feelings go away."

"Eerah, please."

Hindi ko inaasahan ang paghalakhak niya. **"What? Am I hurting you again?"** sarkastikong aniya. Tumaas ang kilay ko. **"Was it painful? I'm**

sorry I can no longer feel your pain, Lovemir."

"Hindi ako naniniwala diyan, Eerah."

"If you want me to stay with you today, shut up. 'Wag ka nang magbanggit ng kung ano-ano pa. You're ruining my mood."

"Okay, I'm sorry."

"Stop talking."

Hindi na ako nagsalita pa lalo na nang umayos siya sa pagkakaupo at umastang matutulog.

Sinulyapan ko ang maganda niyang mukha. Hindi ko na matandaan kung kailan ko iyon huling nagawa, ang masilayan ang natutulog niyang mukha. Nasasabik akong makasama siya pero hindi gano'n ang nararamdaman niya sa 'kin. Niyayaya ko pa lang siya ay panay na ang kaniyang pagtataboy. Hindi ko naisip na posibleng umabot kami sa ganito. Hindi ko napaghandaan ang puntong ipagtutulakan niya ako palayo. Daig pa ang kinamumuhiang tao.

I can't be alone, Eerah. Because when I'm alone, I think. When I think, I remember. When I remember, I can feel the pain. When I feel pain, I cry. And when I cry, I can't stop anymore.

Hindi ko napansin ang tagal ng byahe. Nagising ako nang ianunsyo ang paglapag namin. Tulog pa si Eerah nang balingan ko. Napangiti ako nang makitang bahagya pang nakaawang ang mga labi niya.

Marahan ko siyang inuga. **"Eerah, we're here,"** malumanay kong sabi.

Ang kaninang maganda at maamo niyang mukha ay napalitan na naman ng galit. Agad na kumunot ang noo niya nang makita ako.

"Don't touch me," aniya sabay tayo.

Hinayaan ko siyang mauna. Napapikit ako nang dumampi sa mukha ko ang sariwang hangin ng Batanes. Ito ang ikalawang beses na narating ko ang lugar na 'to.

"Hindi ko akalain na makababalik tayo rito," mahinang sabi ko.

"At hindi ko inaasahan na ikaw pa rin ang kasama ko." Wala nang mas tataray pa sa kaniya. Napabuntong-hininga na lang ako saka sumunod.

Lugar iyon ng Basco. Malaki ang ipinagbago ng lugar. Nanibago ako. Gayunman ay masaya ako dahil hindi ko inasahang makababalik pa ako nang kasama si Eerah Anitha dito.

Tahimik kaming bumiyahe hanggang sa hotel. Maaliwalas ang lugar, nakaeengganyo ang tanawin. Maging ang hangin ay mamahalin mo talaga.

"A room for two?" kunot-noong bulalas ni Eerah. Natinag ako sa tinatanaw at napalingon sa kaniya.

"May dalawang kwarto naman 'yan sa loob."

"Pero hindi mo sinabing nasa iisang kwarto lang tayo."

"I can get you a room if you don't want to stay with me, Eerah," pabulong kong sabi. Ito ang ayaw ko sa ugali niya, mahilig siyang mamahiya at hindi niya 'yon alam.

"Excuse me, sir," anang receptionist. **"I'm sorry but we have no more vacant rooms."**

Sabay kaming nagulat ni Eerah at nagkatinginan. Bigla ay pinalo niya ako sa braso. **"You see? You planned this and ruined everything!"**

"Huh? Ano na naman ang ginawa ko?" kunot-noong tanong ko.

"Siguro ay plinano mong magkasama tayo sa iisang kwarto, 'no?"

Tumaas ang kilay ko. **"Look, sinabi ko nang may dalawang kwarto 'yon sa loob, ano ba ang problema mo? Kung ayaw mo akong makasama sa iisang kwarto ay may sarili ka namang kwarto sa loob. Hindi kita papasukin do'n, Eerah."**

"Talaga! Dahil kapag pumasok ka ay lalayasan kita! Let's go!"

Napapailing akong sumunod. Maging ang bellboy ay sinisigawan niya dahil ang bagal daw nitong kumilos. Nang marating namin ang sariling kwarto ay agad niyang iginala ang paningin at saka pasalampak na naupo sa sofa.

"You can rest if you're tired," suhestyon ko.

"'Yong hindi ka makita ang relaxing para sa 'kin, Lovemir, get lost for at least a minute."

"Eerah, tatlong araw tayong magkakasama rito, 'wag ka namang ganiyan sa 'kin?"

"Ugh! At ako pa talaga ang pinakikiusapan mo nang ganiyan, ah? Sinabi ko na sa 'yo na ayaw ko at alam mo ang ugali ko! 'Wag kang magreklamo!"

"Okay!" asik ko. **"Sige, papasok na ako sa kwarto—"**

"Sandali."

"What now?"

"'Wag mo 'kong tarayan, Lovemir, ako ang galit dito."

Yeah, right! Humugot ako ng hininga. **"What can I do for you then?"** mas malumanay nang sabi ko ngunit naro'n pa rin ang pagkainsulto.

"I'm hungry," mataray niya pa ring sabi pero agad na iniiwas ang paningin.

"I thought you're tired?"

"I never said I was! You did, stupid!"

"Tch."

"I said I'm hungry."

"I'll order something to eat—"

"No, let's go downstairs. For sure may restaurant dito. Walang silbi ang five star hotel na ito kung wala."

"Okay, aayusin ko lang ang gamit ko—"

"Now! We will go now. I said I'm hungry. When the hell did I waited for you?"

"Never," mapait kong sabi. **"Kaya nga nagkahiwalay tayo dahil hindi mo ako hinintay."**

"Ah, so kailangang balikan ang nakaraan bago kumain, Lovemir?"

"Tch."

"Masyado kang emotional and it's irritating me! You're my allergy! Get lost!" aniya na agad tumayo at akmang lalabas.

"Wait for me—"

"Downstairs! What's the use of your feet, moron!" singhal niya saka nagmadaling maglakad papunta sa elevator.

Napabuntong-hininga na lang ako saka siya sinundan ng tingin. *Magtatagal kaya kami ng tatlong araw rito nang hindi nag-aaway? Tch. I hope so.* Mabilis kong inayos ang mga gamit 'tsaka ako nagmadaling sumunod pababa.

Bukod sa bar at coffee shop ay dalawang restaurant lang ang meron sa hotel. Nakita ko agad siya nang pasukin ko ang una. Nagulat ako nang makitang may nakahain nang pagkain sa mesa.

"Bakit um-order ka na?" takang tanong ko.

"Ilang beses ko bang sasabihin na gutom na ako? Hindi naghihintay 'tong tiyan ko."

"At talagang para sa 'yo lang ang in-order mo?" nagugulat kong angil.

"Bakit? Kasama ka pa ba sa gastusin ko? Ikaw ang nagyaya kaya dapat lang na ikaw ang gumastos. And besides, hindi ka na kasama sa buhay ko kaya hindi na kita dapat na pag-aksayahan pa ng barya, Lovemir. Sinabi ko nang nagugutom ako, nagmabagal ka pa."

Ayaw ko nang makipagtalo. Bumuntong-hininga na lang ako at naupo. Sinenyasan ko ang waiter at um-order ako ng para sa 'kin. Tinanong ko siya kung may gusto pa siya pero ayaw raw niyang tumanggap nang kung anong galing sa 'kin.

Habang kumakain ay humanap ako ng tyempo para magkausap kami nang ayos. Naniniwala akong kaya niya pa rin akong kausapin nang hindi sumisigaw at nagagalit. Pero habang tinitingnan ko siya ay hindi ko maiwasang hilingin na sana ay gaya pa rin kami ng dati. Hindi ko mapigilan ang sarili kong alalahanin ang pakiramdam na kung saan pareho kaming masaya sa isa't isa.

"Bakit nga ba nagbago ka, Eerah?" wala sa sariling tanong ko dahilan para pati ako ay magulat.

"Ano na naman?"

"I'm sorry, I didn't mean to say that—"

"Well, I heard it already! Tsk." Ibinaba niya ang hawak na chopsticks at deretsong tumitig sa 'kin. **"Iniwan mo ako, Lovemir. Asawa mo ako at hindi imposibleng magalit ako dahil iniwan mo ako nang walang dahilan. Deretso at malaman ang sagot na 'yan kaya 'wag mo nang pahabain ang usapan."**

Makinig ka na sa kaniya. Baka iwan ka kapag nangulit ka pa.

Pareho na sana kaming tutuloy sa pagkain nang muling matinag at magkatinginan. Nangibabaw ang pamilyar na tugtugin, may tinig na sumasabay rito. Sabay naming nilingon ang mababaw na entablado sa unahan. Ngunit wala akong matanaw kundi likuran nang nagkumpulang crew.

Itanong mo sa akin kung sino'ng aking mahal. Itanong mo sa akin, sagot ko'y 'di magtatagal. Ikaw lang ang aking mahal. Hindi ko malaman kung bakit napangiti ako nang sabayan ko sa isip ang kantang iyon ng VST and company.

Lalo pa akong napangiti nang gumaralgal ang tinig ng lalaking sumasabay sa mikropono, mahihimigan ang kaba at hiya sa kaniyang tono.

Umugong ang hiyawan nang manonood, nakakahawa ang saya. Hindi ko tuloy naiwasang isipin na nagpo-propose ang kung sinumang may hawak ng mikropono.

Napatingin ako kay Eerah. Nakangiti rin siya sa gawing iyon. Napangiti ako nang lumingon siya at magulat dahil nasa kaniya na ang mga mata ko.

"Itanong mo sa akin, kung sino'ng aking mahal," parang kumakantang sabi ko, sa tonong nagtatanong.

"Excuse me?"

"Itanong mo sa akin, sagot ko'y 'di magtatagal."

"Stop it, Lovemir!" she shouted when she knew I was singing the song.

"Ikaw lang ang aking mahal..."

"I said, stop it! Aalis ako rito!"

"Ang pag-ibig mo'y aking kailangan..."

"Isa!"

"Pag-ibig na walang hangganan...ang aking tunay na nararamdaman..."

"You're not funny."

"I love you, Eerah," nakangiti ngunit emosyonal kong sinabi.

"Shut up."

Ginagap ko ang mga kamay niya. "Happy anniversary."

Natigilan siya at napapalunok na tumitig sa 'kin. Tuloy ay napanood ko kung paanong namuo ang galit sa kaniyang mukha. Agad akong nanlumo.

Hinablot niya ang sariling mga kamay at dali-daling iniwan ako. Patakbo akong sumunod sa kabila nang pagkapahiya.

Ngunit agad akong natigilan nang huminto siya sa paglalakad. "Eerah?" pagtawag ko ngunit hindi niya ako pinansin.

"Lohr?" patanong niyang sambit. Nilingon ko ang kaniyang tinitingnan.

Tinanaw ko ang entablado at kumpulan ng tao. Iyong gawi kung saan nagmumula ang gumagaralgal sa pagkanta na boses. Agad na nangunot ang noo ko nang mapagtantong si Deib Lohr iyon, isinasayaw ang nobya. At sa tabi nila ay crew, na bagaman hirap sa paghahawak ng mikropono habang sumasabay sa kilos nila, ay tuwang-tuwa.

Damn...

OceanofPDF.com

CHAPTER 186

MAX'S POV

Sa dami ng kanta...ito talaga? Tss.

Emosyonal na kinanta iyon ni Sensui sa harap ko habang isinasayaw ako. Nahihiya ako pero hindi ko maiwasang matawa at ilingan ang mariin niyang pagkanta. Hindi ko maipaliwanag ang bagay na 'yon na sumisibol sa dibdib ko. Pinaulit-ulit niya ang huling linya hanggang sa matapos ang kanta.

Kahit lumalabas ang kaabnuyan niya ay gwapo pa ring talaga siya. Tsk.

Nanatiling nakayakap sa kaniya ang parehong braso ko habang siya ay nakaalalay sa bewang ko.

Natinag ako sa malakas na palakpakan at hiyawan sa paligid. Totoong napukaw niya ang buong atensyon ko at nawala ang lahat ng tao sa paningin ko. Siya lang ang natira.

"Tapos na ang kanta, pwede ka nang himatayin sa kilig." Bigay na bigay na aniya, maaksyon at talaga namang labas ang gilagid sa pagkakasabi habang habol ang hininga. **"Ang sweet-sweet ko, 'di ba, baby babe?"**

Nabura ang ngiti sa labi ko, napalitan ng pagtataka. *Baby...babe? Tss.*

Nag-iwas ako ng tingin. Ayaw kong pagtawanan ang kakornihan niya. Mas ayaw kong sirain ang sorpresa niya, siya ang higit na natuwa ro'n.

Umiiling akong nag-iwas ng tingin, at muling natigilan matapos masulyapan si Eerah Anitha.

Ang lakas naman ng pang-amoy nito? Ano ang... Natigilan ako nang makitang kasama nito si Lovemir. Nagtama ang paningin namin. Mukhang hindi niya rin inaasahang makikita kami.

Sinulyapan ko si Eerah Anitha na hindi na yata inalis ang paningin kay Sensui.

Mapaglaro ang pagkakataon. Tsk tsk. At kami ang pinaglalaruan.

"Baby babe?" pagtawag ni Sensui. Nilingon ko siya. **"Ang normal na babae ay kinikilig matapos kantahan ng gwapo nilang boyfriend,"** aniya na nakangisi, tumatangu-tango pa.

"Dinala naman kita dito kaya kwits na tayo," ang tanging naisagot ko, parang nawala ako sa mood.

"Tch! 'Yan na nga ba ang sinasabi ko, Taguro. Nanunumbat ka na naman," asik niya.

Hindi ako nakasagot. Nawala na sa pagiging isip-bata niya ang atensyon ko at natuon 'yon kina Eerah Anitha at Lovemir.

"May bisita ka," pabulong kong sinabi pero dinig niya.

"Ha?" takang tugon niya.

Hindi na ako sumagot. Inginuso ko ang gawi ng mag-asawa. At gaya nang inaasahan ko ay nagulat siya, kunot-noong ipinagtaka ang presensya ng dalawa.

Nang lingunin ko ang mag-asawa ay pareho na silang papalapit sa gawi namin.

Napailing ako at sinulyapan ang mga taong kanina'y masayang nakikikanta kay Sensui. Nakangiti kong tinanguan ang mga ito. Isa-isa silang nagsipagbalikan sa pagiging abala.

Ang kaninang mala-fairytale na sandali sa paningin ko ay bumalik na sa reyalidad.

Hindi na talaga naalis ang paningin ni Eerah Anitha kay Sensui. Sa paraan nang pagkakatitig niya sa boyfriend ko ay para bang first time niyang makakita nang guwapo. Pasinghal akong ngumiti at umiling bago sinulyapan ang mag-asawa.

"What a coincidence, Lohr?" bungad ni Eerah Anitha. Sinalubong ko ang tingin niya. **"I didn't expect to see you here!"** hindi na yata maaalis ang ngiti sa mukha niya. **"Hi!"** Pareho kaming hindi nakasagot ni Sensui. **"Hello? I'm talking here?"** kumaway-kaway pa siya.

"Oh, hi," napipilitang ani Sensui.

"Isn't it cool? I mean, wala 'to sa usapan pero nagkita pa rin tayo!" naro'n talaga ang excitement sa mukha ni Eerah. Hindi ko inalis ang paningin sa kaniya. Tuloy hindi ko nakita ang reaksyon ni Sensui. **"What are you doing here anyway?"** Walang sumagot sa kaniya, napahiya. **"Well, it's nice to see you here! Actually, hindi pa man ako tumatagal ng isang araw ay nabo-bore na ako! Mukhang nakakita na ako ng dahilan para malibang,"** aniya na kay Sensui nakatingin.

"Hey," nagsalita si Lovemir.

Doon ko lang siya tiningnan. **"Hey."**

Tumitig siya sa 'kin. **"Hi."**

"Hi," pabuntong-hininga kong tugon.

Bakas sa mukha ni Lovemir na naiilang siya. Batid kong maging siya ay nahihiya sa iniaasta ng asawa.

Hindi ko nakakalimutan ang napagdesisyunan. Hindi ko pwedeng itaboy na lang basta si Eerah Anitha.

"Do you want to join us for dinner?" anyaya ko. Tumaas ang kilay ni Lovemir, naninimbang.

"Babe?" Hinawakan ako ni Sensui sa braso.

"I'm inviting them for dinner, babe," nakangiting tugon ko.

"I heard you, but why?"

"There's nothing wrong with that," pabulong ko ring tugon.

"Are you serious?" kunot-noo, nakangiwi, sarkastikang ani Eerah.

"Hindi ako marunong magbiro," nakangiting tugon ko. Humalakhak siya. **"Eksakto ang dating ninyo, naka-order na ako."**

"Kanina pa kami nandito," aniya na sumunod agad sa 'min.

"Ah, talaga?" inosenteng tugon ko. **"Dito tayo,"** itinuro ko ang mesa na nakalaan para sana sa 'ming dalawa ni Sensui.

"Hey," lumapit sa 'kin si Lovemir at bumulong. **"You don't really have to do this."**

"Do what?" Nilingon ko ang mesa saka ngumiti sa kaniya. **"Dinner?"**

"Ang isabay kami, 'yon ang tinutukoy ko."

"Wala akong makitang mali sa ginagawa ko," inosenteng sagot ko. Tumitig siya sa 'kin...nang matagal. **"Bakit?"**

"Alam kong ayaw mo kaming makasabay."

"Lovemir, hindi ako 'yong tipong yayayain ka pa kung ayaw ko namang talaga." Natural ang ngiting ipinakita ko, muli siyang tumitig sa 'kin. **"I'm not the sarcastic type."**

"Babe," sumabad si Sensui, nag-aalala. **"Babe, kailangan ba talagang makasabay natin sila?"**

"Wala namang masama ro'n," ngumuso ako. **"Pero kung hindi talaga maganda sa paningin niyo, eh, di—"**

"No," inaasahan ko nang sasabad si Eerah Anitha, sabay-sabay namin siyang nilingon. **"Wala naman talagang masama kung magsasabay tayo,"** nakabibigla ang pagiging seryoso niya at sinsero. **"Naninibago lang siguro ang boys, even me." Gusto kong masuka dahil mukhag naiilang nga siya.**

Tumango ako. **"Isipin ninyo na lang na nasa magandang mood ako,"** sinikap kong maging sinsero. Ngumiti ako nang labas ang mga ngipin.

Hindi problema sa 'kin na makasabay ang mag-asawa. Mas maigi na 'yon kaysa naman maglingunan kami. Nasisiguro kong hindi maiiwasan 'yon lalo pa at hindi na lingid sa 'min ang presensya ng isa't isa. Panigurado rin na pipili si Eerah Anitha ng puwesto na mas malapit na sa 'min, kompara kung saan sila tanaw kanina. Interesado siya masyado kay Sensui. Ngayon pa nga lang ay pinananabikan niya na ang presensya nito.

Nasa akin ang paningin nila nang maupo kami. Gusto kong matawa. Para bang nakikiramdam ang mga tingin na 'yon at pare-pareho nilang ginagawa 'yon ngayon.

Sa isang kumpas ko ay inihain ng waiter ang pagkain, iba't ibang putahe. Masarap na sa paningin pa lang, kamangha-mangha ang lasa nang tikman.

Nakangiwi akong tumango-tango. **"Masarap ang sinigang na 'to."** Natigilan ako nang makitang nakatunghay lang sila sa 'kin. Natawa ako. **"Move on, people,"** sabi ko sabay sipol. **"I'm cool. Bakit apektado yata kayo masyado sa ginagawa ko?"**

"Because this is not how you treat us," pandederetso ni Lovemir.

Inilapag ko ang mga kubyertos, at tumingin sa kaniya. "Gano'n ba kasama ang naging trato ko sa inyo noon? As far as I can remember ay hindi ako ang may mali kaya naging gano'n ang treatment ko sa inyo ng asawa mo, Limaco."

"Tch," asik niya sabay ngisi. **"Kung gano'n, pakikipag-ayos itong ginagawa mo?"**

"Pakikipag-ayos?" nakangiwi akong nag-isip, tumingala pa sa kisame. **"Kung gano'n ang pagkakaintindi mo, 'yon na lang siguro ang isipin natin."**

"Maxpein."

Naglapat ang mga labi ko. "Ayoko ng gulo," mahinahon kong sinabi. Tumaas ang kilay niya. "Mukhang nandito kayo para maglibang, pareho lang tayo. Ayaw kong sirain ang magandang araw namin dahil lang nagkita tayo. Nakikisama ako nang ayos. Nasa inyo na 'yon kung sisirain ninyo."

"Okay, then," nakangiwing tumango si Lovemir. **"Let's eat."Kinuha niya ang isang putahe at pinagsilbihan ang asawa.**

Ngunit awtomatikong nangibabaw ang katahimikan habang kumakain. Palihim kong tinitingnan ang mga gawi ni Sensui, alam kong naiilang siya.

Batid ko naman, kahit hindi ko tingnan, na panay ang sulyap ni Eerah Anitha sa boyfriend ko. Gusto kong mangiti at matawa, tinitiis ko lang dahil ayaw kong mag-isip sila nang masama.

"We're here to celebrate our anniversary." Hindi ko inaasahang sasabihin 'yon ni Lovemir.

Nagkatinginan ang mag-asawa. Ang mga mata ng babae ay nangunguwestyon, ang lalaki ay puno ng lungkot.

"Fifth anniversary sana, kung nagkatuluyan kami."

Napatitig kami ni Sensui sa mag-asawa. Ayaw kong usisain ang nangyari sa kanila. Hindi ko mamasamain kung ibabahagi nila sa 'min. Dahil sanay na 'ko sa pagiging tsismoso ni Sensui ay hindi na 'ko magtataka kung ma-curious siya at magtanong mayamaya.

Natinag ako nang tingnan ako ni Lovemir. Ngumiti siya kaya nagtuloy na lang ako sa pagkain. **"How about the two of you?"** he asked.

"Same reason," I answered, pinipigilang magtunog sarkastiko. **"Seriously, we're also here to celebrate our anniversary."**

Pareho silang natigilan sa sinabi ko. Si Sensui naman ay nanatiling nakatitig sa kinakain pero hindi kumikilos.

"Ang galing lang, 'di ba? Nasa iisang lugar tayo nang may parehong dahilan. Amazing," ngisi ko.

Kinuha ko ang bote ng wine at akmang sasalinan ang sariling wine glass pero natigilan nang mapansing ubos na ang laman niyon.

"The bottle is empty," ngiwi ko. **"I'll get another one."**

"I'll ask the waiter babe, babe."

"It's okay," hinawakan ko si Sensui sa braso. "Doon ako sa winery pipili. I'll be back in a minute." Hindi ko na hinayaang pigilan ako ni Sensui.

Sinamahan ako ng connoisseur sa maliit nilang winery. Pero hindi pa man ako nagtatagal ay naramdaman ko na ang presensyang sumunod sa 'kin.

Nilingon ko si Lovemir. **"Sinabi ko nang sandali lang ako, bakit sumunod ka pa?"**

Pabuntong-hiningang nilingon ni Lovemir ang mesa namin. Natanawan ko si Sensui na hindi malaman kung naiilang o naiinis na sa presensya ni Eerah Anitha. Gusto kong matawa.

"I'm sorry, Maxpein."

"Sorry for what?"

"Hindi ko talaga 'to inaasahan."

Ngumiwi ako sabay iling. **"Sa tingin ko ay pare-pareho nating hindi inaasahan ang pagkakataon na 'to. Ayos lang sa 'kin, Lovemir, walang problema."**

"'Wag mo sanang isipin na nandito kami para guluhin kayo."

"No, hindi man lang 'yan pumasok sa isip ko."

"Alam kong ayaw mo kay Eerah."

"Pero hindi naman ibig sabihin no'n ay dadaragin ko na siyang parati," ngumiti ako 'tsaka nagpatuloy sa paghahanap ng wine. **"Ito na lang ang kukunin ko,"** nakangiting sabi ko connoisseur, tumango lang 'to 'tsaka nagpaumunang umalis.

"Doon ka bumili ng ticket sa mall na malapit sa school?" inosenteng tanong niya.

Natawa ako. **"Oo."**

"Tch."

"Nabanggit nila sa 'king dalawang tickets na lang ang available. Hindi ko na kailangang hulaan, mukhang ikaw ang nakakuha sa isa."

"Mukhang gano'n na nga."

"Ang wirdo ng pagkakataon."

Tumaas ang kilay niya. **"Bakit?"**

"Pinagsasama tayo."

"Akala ko ba ay ayos lang sa 'yo?"

"Oo, mukhang sadyang pinagtatagpo tayo."

"Tayong dalawa?"

"Tss. Tayong apat," ngiwi ko saka iniwan siya. *Slow rin.*

Dinig ko siyang humalakhak bago sumunod. **"Thank you, Maxpein."**

"You're welcome."

"Hindi mo ba ako tatanungin kung para saan ang pasasalamat ko?"

"Hindi ako interesado."

"You're really cool."

"Alam ko."

Laking pasalamat ko nang basagin ni Lovemir ang katahimikan habang kumakain. Nagkwento siya ng mga karanasan niya rito sa Batanes. Hindi na pala ito ang unang beses niyang makarating dito. Nakakapanibago dahil nagbibiro ang Lovemir na kaharap ko. Biro na nakapagpatawa sa 'ming pare-pareho. Medyo gumanda ang ambiance nang dahil do'n.

"Paniguradong pupunta kayo ro'n sa light house?" mayamaya'y tanong ni Lovemir. Nakangiti akong tumango. **"Maganda nga ro'n. Hindi kompleto ang tour dito kung hindi kayo pupunta ro'n."**

"Gusto kong pagkasyahin sa tatlong araw ang paglilibot sa Batanes," sagot ko.

"Gusto ko rin sanang gumala pero mukhang hindi magandang ideya 'yon para sa kasama ko," pabulong niyang sabi.

"I heard that," pabulong na asik ni Eerah. **"Well, we can join them if you really want to."**

"Gusto kong gumala pero ayaw kong mang-abala, Eerah," mapait na ani Lovemir. Gusto kong matawa lalo na nang nagtuloy ang batuhan nila nang sarkastikong salita.

Nilingon ko si Sensui, kanina pa siya hindi nagsasalita. **"Okay ka lang?"** malumanay kong tanong. Nag-angat siya ng tingin. **"I love you."**

Ngumiti siya. **"I love you, too. Happy anniversary, babe."**

"Happy anniversary." Nangiti ako nang kunin niya ang kamay ko sa ilalim ng mesa. Nang bumaling ako sa dalawa ay pareho na silang nakatingin sa 'min. **"What?"**

"Mukhang ayos lang talaga sa 'yo na nandito kami, ah?" nakangiting ani Eerah. Ayaw ko mang isipin pero sarkastiko talaga ang dating niya.

"Hindi ka ba naniniwala sa 'kin?"

"Nasanay kasi ako nang nagagalit ka kapag nasa paligid mo ako lalo na kapag kasama mo si Lohr."

"Gano'n lang ako kapag may ginagawa kang labag sa patakaran ko."

"Patakaran?"

"May mga bagay na para sa 'min lang, Eerah."

"Easy," hinawi niya pa ang harapan namin. **"Nalilito na tuloy ako kung ayos lang ba sa 'yo ang presensya ko."** 'Ayun na naman ang nakasanayan ko nang pagiging sarkastika niya.

"Believe me. Because of trust there's still *us.* Hindi sapat ang presensya mo para maghiwalay kami," nakangiting sabi ko. Pumakla ang hitsura niya at hindi na nagsalita. Dahilan upang matahimik kaming lahat at tapusin nalang ang hapunan.

Agad na niyayang umalis ni Lovemir ang asawa. Naiwan kami ni Sensui ngunit hindi na rin nagkibuan. Tahimik kaming bumalik sa sariling hotel room.

Nakapamulsa akong naglakad, nauuna sa kaniya, lutang. Hindi mawala sa isip ko ang presensya nina Eerah Anitha at Lovemir. Parang hindi na successful ang plano ko dahil may nakaamba nang delubyo.

Natinag ako nang ipasok ni Sensui ang kamay sa bulsa at ilabas mula ro'n ang kamay ko. Natigil ako sa paglalakad at humarap sa kaniya. Tumitig siya sa 'kin. Hindi ko mabasa ang emosyon niya, ang lungkot ay naro'n sa kaniyang mga mataa. Sa oras na 'yon ay nanibago ako.

"Bakit?" naitanong ko, lumunok lang siya. Natutuwa ako sa t'wing mapapanood ang paggalaw ng Adam's apple niya, kay gwapo. **"Babe, bakit?"**

"Nagseselos ka pa ba sa kaniya?"

Kumunot ang noo ko. **"Kay Eerah?"** Hindi siya sumagot. Napapabuntong-hininga kong pinakiramdaman ang sarili. **"Hindi ko alam."**

"Totoo bang gusto mo silang makasabay kanina, babe?"

Ngumiwi ako. **"Hindi ko naman sinabing gusto ko, 'di ba?"** Bumuntong-hininga siya. **"Ayos lang talaga sa 'kin na makasabay sila, babe. Walang problema."**

"Alam mo naman na mahal kita, 'di ba?"

"Oo naman at bukod do'n ay may tiwala ako sa 'yo."

Ngumiti siya. **"Nag-aalala lang ako sa 'yo. Baka magalit ka sa 'kin nang dahil sa kaniya. Hindi ko naman ginustong makita siya dito, babe."**

"Wala 'yon, 'wag mo nang isipin. Ang mahalaga ngayon ay 'yong sa atin, okay?"

"I love you."

"Too."

Sumimangot siya. **"Ano na namang *too*, Taguro? Ano na namang *too*?"** singhal niya.

Natawa ako. **"*Pag-ibig ko sa 'yo, too-too-o,*"** pakanta kong sinabi.

Nanlaki ang mga mata niya at nasapo ang bibig na animong nasusuka, saka tumawa sa huli.

Ngumuso ako. **"Ganiyan ba talaga kapangit ang boses ko?"**

Humalakhak siya. "Ganiyan ka kakorni!"

"Tss."

"Tara na nga," inakbayan niya ako papasok sa kwarto.

Pero sadya yata talagang mapaglaro ang tadhana. Nasa entrada na kami ng kwarto nang bumukas ang pinto sa likuran namin. Nilingon ko ito at nakitang lumabas si Lovemir. Agad siyang natigilan nang magtama ang aming paningin. May kung anong kakaiba sa paraan niya nang pagtingin. Masyado iyong malalim, para bang inaalam ang kalooban ko. Sinikap ko iyong labanan at ngumiti.

"Another coincidence,"nakangiting ani Lovemir, isinara ang pinto. Doon palang siya nilingon ni Sensui. **"Hi...again."** Nakamot niya ang noo.

Naramdaman kong bumuntong-hininga si Sensui. **"Good evening,"**kaswal niyang bati, lalo akong hinapit papalapit.

Sinulyapan ni Lovemir ang braso ni Sensui na humapit sa baywang ko. Saka tipid na ngumisi, nakakaloko. Nagpaalam siya matapos.

Nasundan namin siya ng tingin ni Sensui. Nagbaba lang ng tingin sa 'kin si Sensui nang makapasok sa elevator si Lovemir. Ngumiti ako ngunit pilit ngiting iginanti niya. Pinagbuksan niya ako ng pinto at inalalayan papasok.

Maganda ang hotel. Moderno sa labas, makaluma naman ang sa loob. Kompleto ang gamit sa kwarto, parang bahay na nga kung tutuusin. Relaxing ang ambiance, lalo na ang couch at kama. Maganda ang klima, maaliwalas sa pakiramdam. Hindi kailangan ng air condition dahil malamig nang simoy ng hangin.

"May gusto ka bang kainin?" tanong ko habang nakatunghay sa ref.

"Kakakain lang natin, babe," matamlay ang tinig ni Sensui.

Nagtama ang paningin namin matapos ko siyang lingunin. **"Are you okay? Bakit matamlay ka?"**Naglakad ako papalapit.

"Si Lovemir," nagbaba siya ng tingin sa mga kamay. "Alam mong nagseselos din ako sa kaniya, 'di ba?"

Napangiwi ako. **"Nagseselos ka nga ba sa kaniya?"** kaswal kong tanong. Bumuntong-hininga siya. **"Nawala sa isip ko. Bakit mo naitanong?"**

"Nawala sa isip mong nagseselos ako sa kaniya?"kunot-noong tugon niya. Pinigilan kong mangiti. "Kakaiba siyang tumingin sa 'yo."

"Kakaiba?" inalala ko ang paraan nang pagtingin ni Lovemir. **"Wala akong maalalang kakaiba sa tingin niya, babe."**

Nagtiim ang bagang niya. "Ako meron."

"Pero wala naman 'yon sa 'kin."Itinago ko ang pag-aalala. **"Nagseselos ka ba sa kaniya?"**

"Tch. Oo."

"Ano ang gusto mong gawin ko?"

"Hindi mo naman siguro siya crush, 'no?"

Napaiwas ako. "Tss. Ikaw nga ay hindi ko naging crush, 'yon pa kaya?"

Bumaon sa 'kin ang kaniyang tingin. "Seryoso ako, Taguro."

"Hindi," paniniguro ko. **"So stop worrying, okay?"**

"I can't help it." Humakbang siya papalapit.

Naestatwa ako nang hapitin niya ang baywang ko. Wala akong nagawa kundi ang tumingala upang makahinga. Nagugulat akong tumitig sa kaniya, hindi halos lumapat ang talampakan ko sa sahig dahil sa lakas niya.

Iginuhit niya ang daliri mula sa noo ko, paibaba sa aking pisngi hanggang sa huminto iyon sa labi ko. Napatitig ako sa mamasa-masang labi niya at saka napalunok.

Hinuli niya ang paningin ko. **"At sa t'wing magseselos ako ay gusto kitang angkinin,"** pabulong na aniya.

Nanlambot ang tuhod ko.**"Angkinin?"** nabibigla, nauutal kong tugon.

"Angkinin."

Angkinin? Ano ang ibig niyang sabihin?

Bago pa man ako makapagtanong muli ay inilapit niya na ang mukha sa akin. Lalo akong naestatwa nang halikan niya ako sa labi. Agad akong binalot ng kaba, nalilito sa hindi maintindihang dahilan. Ngunit agad na nawala ang mga 'yon nang maramdaman ko ang kaniyang respeto, sa paraan niya ng paghalik. Hindi mapusok, magaan, kontento at matamis.

Tinitigan niya ako matapos pakawalan ang labi ko. Inaalam sa mga mata ko kung nagsasabi ba ako nang totoo.

Nang makontento ay saka siya ngumiti at inalalayan akong makatayo nang ayos.

"Ayaw kong nagseselos ka kay Eerah Anitha," sinserong aniya. **"Pero ngayon ay mukhang naiintindihan ko na ang nararamdaman mo."**

"Bakit?"

"Nagseselos din ako kay Lovemir."

"Pero wala naman 'yon."

"Kaya nga naiintindihan ko na ang nararamdaman mo ngayon. Kahit na bale-wala sa 'kin si Eerah Anitha ay nagseselos ka pa rin. Ngayon ay naiintindihan na kita."

"Tss. Hindi naman kagaya niyang linta si Lovemir," mapait kong sabi.

"Pero hindi mo na kailangang pagandahin pa ang pangalan niya, sinisira mo ang mood ko, Taguro."

"Okay, sorry," ngumuso ako. **"Anyway, thanks for singing a song for me. Nagustuhan ko."**

Ngumiti si Sensui at idinaan ko na lang sa tango ang pagtitig doon. Iyon 'yong ngiti niyang paborito ko. Gwapong-gwapo ako sa kaniya sa ngiting 'yon. At ayaw kong malaman niya, dahil ipagyayabang niya 'yon panigurado.

"Inaasahan ko namang magugustuhan mo dahil may gusto ka sa 'kin."

Ngumiwi ako. **"Tara, itulog na lang natin 'yan."**

Hinayaan niya akong kumalas sa pagkakayakap niya. **"Isang bagay na pinananabikan ko sa t'wing makakasama kita ang pagtulog, Taguro."**

"Hm? Bakit?"

Sa halip na sumagot ay ngumisi siya. Nakangiti ko siyang pinagkunutan ng noo. Mukhang alam ko na ang dahilan ng ngisi niyang iyon, kalokohan.

Isang malaking kama lang ang available sa hotel room namin. Para talaga sa aming dalawa. Kampante ako dahil alam kong hindi siya tatabi. Ang inaalala ko lang naman ay iyong maya't mayang pag-atake ng sakit niya, adik sa halik.

Nauna akong naligo, sumunod naman siya. Tumabi siya sa 'kin habang nanonood ng TV at doon nagpatuyo ng buhok.

"Tch." Natinag ako nang kunin niya ang laptop sa kandungan ko. Hindi ko namalayang natutok na pala sa TV ang buo kong atensyon. **"Marunong ka na palang magbukas ng laptop?"** Inismiran ko siya. **"Hindi ko alam na may laptop ka."**

Hindi lahat ay kailangang alam mo. Palihim akong ngumisi. **"Maxwell bought it for me as a gift."**

"Hindi mo ba kayang bumili?" pinagtawanan niya ako. **"Kuripot ka sa lahat ng bagay."**

"Hindi sa pagmamahal, Sensui."

"Tch. Dito ka sa tabi ko, Taguro." Hinila niya ako hanggang sa mapahiga sa kaniyang dibdib.

Iniakbay niya ang braso sa sofa habang ang isa pang kamay niya ay sumusuklay sa buhok ko. I find it simple yet so sweet. Gusto kong matawa, pinigilan ko lang. Kung nagkataon ay idinaan ko na naman sa pang-aasar ang kilig ko.

Nanood kami ng balita. Walang bago. Panay krimen ang mapapanood, karumaldumal na patayan at kaliwa't kanang nakawan.

"'Yong nangyayari sa pamilya namin, bakit kaya nangyayari ang mga 'yon ngayon?" wala sa sariling tanong niya, nasa TV ang paningin. **"Natatakot ako sa lagay ng pamilya namin, gano'n na rin kayong malalapit sa 'min."**

Nagbaba siya ng tingin sa 'kin at sandaling tumitig. Saka niya pinanood ang sariling kamay na hindi mahinto sa paghaplos sa aking buhok.

"Nawawala lang ang takot ko sa t'wing malapit ka sa 'kin," sinserong aniya. **"Alam kong mahina ako, tanggap ko na 'yon. Pero kampante ako kapag nasa paligid ka, Taguro." Bumuntong-hininga siya. "Alam kong anumang oras ay darating ka para sa 'kin, Taguro, alam kong hindi mo 'ko bibiguin."** Malaman ang sinabi niya.

Kunot-noo ko siyang tinitigan. Pakiramdam ko ay hindi ko 'yon lubos na naintindihan. **"Why are you saying these things?"** pinilit kong tumawa.

"Minsan pakiramdam ko ay may mangyayaring masama sa 'kin dahil sa mga nangyayari ngayon," umiling siya.

Kakaiba talaga ang epekto sa 'kin ng lalakin ito. Iyon palang ang sinasabi niya, wala pang nangyayari, nagwawala na ang dibdib ko. Ang isip ko ay isinisigaw na hindi pwedeng masaktan ang lalaking 'to.

"'Wag mong isipin 'yon."

"Hindi ko maiwasan, babe. Hindi ko maintindihan kung bakit nangyayari 'to, sunod-sunod pa. Hindi ko alam kung nagkakataon lang ba talaga o nakatakdang mangyari," kunot na kunot ang kaniyang noo.

Bumuntong-hininga ako. **"May mga masasamang tao sa mundo, 'yon na lang ang isipin mo."**

"Masama ba kaming tao para makaranas nang ganito?"

"Hindi 'yon ang ibig kong sabihin, babe," napahiya ako. **"Ibig kong sabihin ay 'yong mga may pakana ang masasamang tao, hindi kayo."**

"Oo, alam ko. Karapat-dapat ba kaming gawan nang masama? Sa pagkakaalam ko kasi ay wala naman kaming mabigat na atraso para gantihan nang ganito." Bakas sa mukha niya ang matinding pag-aalala. Bumangon ako at tumingin sa kaniya. **"Natatakot ako para sa sarili ko, lalo na sa pamilya ko. Sa t'wing maiisip kong wala akong magagawa para sa kanila ay mas lalo pa akong natatakot, Taguro."**

"Babe..."

"Hindi sa lahat ng oras ay nasa tabi kita. Hindi rin sa lahat ng oras ay magagawa ka para sa 'kin. Pero talagang napapalagay ang loob ko sa t'wing nandiyan ka."Matamis siyang ngumiti sa 'kin.

Gusto ko tuloy malito. Nag-aalala ako sa lungkot at takot sa mukha at mga sinasabi niya. Pero iyong ganda nang pagkakangiti niya ay tila bulak na kumikiliti sa dibdib ko.

"Kahit mali, sa t'wing delikado ang sitwasyon at naiisip kong darating ka, iba 'yong pakiramdam." Lalo pa siyang ngumiti, animong may inaalalang maganda. "Kapag naman nandyan kana, parang ikaw 'yong pinakamalakas sa buong mundo. Lahat natatakot, umaatras o natatalo. Pisikal man o yabang lang, tch," umiiling siyang tumawa. "Naiisip ko na lang, grabe, ang astig ng girlfriend ko." Ginulo niya ang buhok ko, napasimangot ako. "Ang swerte ko."

Hindi ko makuhang ngumiti. "Why are you talking like this?"

Hindi ko naiwasan ang mag-alala. Naiintindihan ko ang sinasabi at pinupunto niya pero kakaiba ang dating sa 'kin ng usapang 'to. Hindi ko mapigilang isipin na may mangyayaring hindi maganda.

"Kung sino man ang gumagawa nito ay makikilala rin natin sa huli, okay? 'Wag mo na 'yong isipin."

"Tch. Paanong hindi ko maiisip, eh, parang wala nang ligtas na lugar para sa 'kin. Hindi ko maiwasang mag-alala para sa akin, sa amin, sa atin," seryoso talaga siya.

Natigilan ako. *Ano na lang ang iisipin niya kapag nalamang binabantayan 'yong mga nasa kabilang kwarto? Ano na lang ang sasabihin niya kapag nalamang may sariling hakbang ang pamilya ko sa mga nangyayaring 'to? Hindi ko pwedeng ipakita sa 'yo ang takot ko kung ganitong isa ako sa mga dahilan para mapalagay ang loob mo, Sensui.* Hindi ko naiwasang mapabuntong-hininga. Nagbaba ako ng tingin at saka huminga nang malalim. *Nasasabi mo lang na mahina ka dahil may mga bagay kang hindi nagagawa na siya namang kaya ko. Pero hindi ibig sabihin no'n ay kaya ko nang gawin ang mga bagay na imposible. Tao lang din ako. Lahat nang nararamdaman mo ay nararamdaman ko rin. Natatakot din ako, nalilito at naghahanap ng sagot. Pero ang mas nagpapahirap sa 'kin ay hindi ko pwedeng ipakita ang mga iyon, masyado kang nasanay na makitang malakas ako.*

"Babe?" tinawag niya ako.

"Ha?"

"Ang sabi ko ay sorry."

"Para saan?" nakangiti kong tanong, iniwasang mautal.

Sumama ang mukha niya. **"Sabi ko sorry dahil pinaalala ko pa. We should be celebrating instead of worrying. You're not listening. Are you thinking of him again?"**

"Ano?" singhal ko. Sinimangutan niya ako. **"Sorry, may iniisip lang —"**

"Si Lovemir?"

"Tigilan mo nga 'yan kaLo-Lovemir mo bago ko pa isiping ikaw ang may gusto ro'n. Tss. Bading," ibinulong ko na lang ang huli 'tsaka muling nag-isip.

"Gusto mo talaga nang hinahalikan kita, eh, 'no?" nakangising aniya, nag-angat ako ng tingin. **"Tch! 'Kita mo na? Kapag tungkol sa halik, nakikinig ka?"**

"Hanep," asik ko. "Heto na naman tayo, eh," umiling ako. Nangunot ang noo ko nang makita siyang nakatitig habang nakangisi. "What's funny?" Nakangisi siyang umiling, hindi nagsalita. **"What are you smiling at?"**

"Ako naman ang nag-iisip ngayon, Taguro," nang-aasar ang tinig niya.

"Ano naman ang iniisip mo?" kunot-noong tanong ko.

"Kung paano ka na namang magre-react kapag hinalikan kita."

"Tss."

"Ayaw mo bang hinahalikan kita?"

It feels so awkward to talk about kissing with him in this kind of situation. We're alone in this room, far from other people. There's nowhere I can run to. I trust him, though I'm sure he'll not stop unless I'll brutally ask him to. Kayang-kaya niyang pagpuyatan ang pakikipaghalikan nang walang hirap, walang pagsisisihan.

Napabuntong-hininga ako at natinag nang maglahad siya ng kamay. **"Ano 'yan?"** mataray kong tanong.

"Come here, babe," bahagya pa siyang tumango.

Inirapan ko lang siya. **"Bakit na naman?"** kunot-noong tugon ko, bahagyang umurong papalapit sa kaniya.

"Ang sungit mo," asik niya.

"Dahil alam ko na kung ano ang tumatakbo diyan sa isip mo."

Ngumisi siya. **"Of course, that's the only thing that can make my mouth shut,"** pagmamalaki niya pa. **"I said, come here."**

"Okay na 'ko dito," may isang dangkal ang layo ko sa kaniya.

"Ang layo mo naman?" nakangisi na namang tanong niya.

"Gaano ba kalapit dapat?"

"Mahahalikan ba kita nang ganitong kalayo, Taguro?" inis na namang singhal niya, lalo akong sumimangot.

"Alam mo? Ang hilig-hilig mong pag-usapan 'yong mga ganitong bagay, hindi ka ba nahihiya sa 'kin?"

"Tch. Hindi ba't mas nakakahiya na pinaghihintay mo ako?"

"Ah! Eh, sino ba kasi ang may sabi sa 'yong halikan mo ako?" inis kong sabi.

Lalo siyang ngumisi. **"Tch. We shouldn't be arguing, babe. We should be kissing."**

Magsasalita na sana ako nang siya na mismo ang sumunggab sa 'kin. Hinawakan niya ang baywang ko at padarag na hinila papalapit. Hindi ko maintindihan kung nauulol na naman ba siya o ano. Panay ang ngisi niya at nakaka-distract talaga 'yon.

"Tinamaan ka ba ro'n sa wine, ha?" inis kong tanong, pahirapang kumalas sa labi niya. Panay ang habol niya!

Ngumiwi siya. **"Mukha ba 'kong may tama?"**

"Hindi. Pero para kang ulul!"

"Well, nauulul sa 'yo, yes!"Humalakhak siya.

"Tss. Alis!" tumayo ako at akmang maglalakad papalayo nang hawakan niya ang kamay ko. **"Ano na naman ba?"**

"Ang sungit-sungit mo. Akala ko pa naman ay dinala mo 'ko dito para mag-celebrate. Tch!"

"Ah, at ganito ang celebration sa 'yo?"

"Hindi, dapat kasi ay may mga kandi-kandila pa tayo dito, tapos patay 'yong ilaw." Humalakhak siya.

"Tss. Honeymoon?"

"Pwede rin," ngumisi na naman siya. Hindi ko na siya pinansin. Ipinatay ko ang laptop. **"Baby babe!"**

"Ano ba kasi 'yang baby babe na 'yan?"

"Ang cute nga, eh, 'di ba?"

Sa tingin ko ay tinamaan talaga siya ro'n sa pinainom kong wine. Tch. Weak! **"Tumayo ka na diyan, matulog na tayo. Bukas ay maaga tayong**

pupunta sa light house. Sayang naman kung hindi natin pupuntahan 'yon. Kasama 'yon sa package."

"Syempre, ang mga kuripot na gaya mo ay susulitin ang package," dinig kong aniya.

Ipinatong ko ang gamit sa side table. Nang bumaling ako papaharap ay nabihag niya na ako. Ngumiti siya nang mahuli ang mga mata ko. Nangunot ang noo ko nang maramdaman ang paglalakbay ng mga kamay niya sa baywang hanggang sa likuran ko.

"What day is it today, baby babe?"

"Tss. Anniversary natin, limot mo na?"

"No. It's Happy Kiss Day. And we're going to kiss each other. Right. Now."

*Ano ba ang nakain niya at panay ang pag-i-Ingles niya? Nakakaasiwa. Nakangiwi akong nag-iwas ng tingin. "**Oo na.**"*

"Hahalikan mo 'ko o hahalikan kita? You choose," nakangising aniya.

Gusto kong matawa sa kabila ng inis at ilang. Nahahawa ako sa mga ngiti niya.

"Are you gonna kiss me or not?"

"No."

"And what would you do if I kiss you?" inosenteng tanong niya.

"Nothing."

"No. You will kiss me back." Hindi ko na malaman kung seryoso ba siya o nang-aasar lang.

Wala akong maramdamang kaba, hindi kapani-paniwalang kinikilig ako sa ginagawa niya ngayon. Hindi ko napigilan ang sarili ko, tumalikod ako at ngumiti nang todo. Naging matunog pa ang ngiti ko, sa dibdib ko ay naramdaman ko ang pagtawa.

"What are you doing?" tanong niya, pilit akong iniharap.

"Wala," nakangiti kong tugon.

"Tch. Kinikilig ka na ro'n?"

Naglapat ang mga labi ko. *Epal..."**Hindi masyado,"** ngiwi ko. Akma akong kakalas sa yakap niya nang kunot-noo niya akong kabigin.*

"Just kiss the hell out of me, will you?" inis niyang tanong.

Hindi ko na nagawang makapagsalita pa. Agad niya akong sinunggaban ng halik at ang sumunod na nangyari ay napapikit na lang ako. Sa una ay malamig ang halik na 'yon, marahil ay dahil pareho kaming bagong ligo at nakapagsepilyo. Pero habang tumatagal ay nagiging mainit sa pakiramdam.

Ang kamay niya ay patuloy sa paglalakbay sa aking likuran. Pupunta iyon sa baywang at muling maglalakbay sa likuran. Wala sa sariling ginaya ko iyon. Hinayaan ko rin ang mga kamay kong maglakbay sa likuran niya hanggang sa baywang.

Paulit-ulit ang paraan niya ng paghalik, para iyong may ritmo. Mayamaya pa ay naramdaman ko na ang haplos niya sa mga braso paakyat sa aking balikat. Hinimas-himas niya ang balikat ko na para bang pinanggigigilan niya iyon. Wala akong naging pagtanggi maski sa isip o sa puso ko. Lahat iyon ay hinayaan kong gawin niya sa hindi maipaliwanag na dahilan.

Ang mga labi niya ay sinisiil ang pang-ibabang labi ko, ginawa ko rin iyon bilang ganti. Pareho kaming malumanay sa umpisa at sa t'wing magiging malalim ang paraan niya ay sumusunod ako.

Nangunot ang noo ko nang kagatin niya ang labi ko. Nahinto ako at nagmulat, nanunukso siyang ngumisi. Bago ko pa mapigilan ang sarili ay napangiti na rin ako na siyang nakapagpalawak sa ngiti niya.

"You're my drugs, babe," anas niya sa pinakamahinang tinig na makakaya, napalunok ako. **"And I can't wait to kiss you again,"** saka siya muling sumunggab.

Sa sandaling iyon ay ako na mismo ang nagkusang humaplos sa kaniyang likuran. Ginagaya at sinusuklian ang paglalakbay ng mga kamay niya. May sandali pang hinahawakan niya ako sa leeg na parang sasakalin pero hindi ko nararamdamang nahihirapan ako sa paghinga. Hinahawi niya ang mga hibla ng buhok sa aking mukha ngunit bumabalik din iyon dahil sa malikot niyang kamay. Wala siyang ibang hinahawakan bukod sa mga iyon, nakakabilib.

Ilang saglit pa ay nasa likuran ko na naman ang mga kamay niya, hinahapit ako lalo papalapit. Hindi kapani-paniwalang natatagalan ko ang pagtingkayad sa gano'ng sitwasyon. Walang pangangalay at patuloy pa ngang nalilibang. Kakatwang madaling matutunan ang eksperimentong pareho naming ginagawa ngayon. Dahil ang tanging alam ko ay nag-e-enjoy ako.

Mayamaya pa ay mas nag-init nang mga halik niya. Hindi na gaya ng dati. Masyado nang malayo sa nakasanayan kong paraan niya. Ang mga kamay niya ay natahimik na at pareho iyong nasa mga balikat ko, madiin ang pagkakahawak doon. Patuloy ang paghahanap ng labi niya sa bibig ko hanggang sa maramdaman ko na ang mainit niyang halik sa pisngi ko,

papunta sa aking panga. Sa unang pagkakataon ay nagparaya ako, hinayaan ko siyang ituloy iyon. Pero sa sandali ring iyon ay nagsimulang kumabog ang dibdib ko. Halos marinig ko iyon sa tainga ko sa sobrang lakas. Nanlambot ang tuhod ko, naihawak ko ang parehong kamay sa mga bisig niya.

Gumapang ang labi niya pababa sa leeg ko, mas pinakakaba ako no'n. Sunod-sunod na ang paglunok ko at batid kong nararamdaman niya na rin iyon. Mas nanghina ang tuhod ko, napasandal ako sa side table. Marahan niya akong itinulak hanggang sa mapaupo.

Payat si Sensui at matangkad, pero sa sandaling iyon ay parang siya ang pinakamalaking at pinakamakalas na taong nakilala ko. Inaagaw niya ang lakas na meron ako ngayon at hindi ko maipaliwanag kung paano niyang nagagawa 'yon.

May kung anong panghihinayang sa dibdib ko nang itigil niya ang ginagawa. Sandaling napako ang paningin niya sa mga labi ko. At nang magsalubong ang mga tingin namin ay malamlam na ang mga mata niya. Maging ang mga paglunok niya ngayon ay napapanood ko, batid kong pareho kaming kinakabahan sa aming ginagawa.

"Babe..." pabulong niyang tawag.

Lumunok ako bago nakapagsalita. **"Oh?"** lang ang aking nasabi.

"I..." Hindi niya itinuloy ang sasabihin. Tumitig siya sa mga mata ko. Pinakiramdaman namin ang isa't isa nang hindi niya ituloy ang sinasabi.

Gusto kong alamin kung ano 'yon. Gusto niya namang malaman kung ano ang sagot na matatanggap mula sa 'kin. Gustuhin ko mang magsalita ay hindi sapat ang lakas ng loob ko. Kinakabahan ako masyado at sa sandaling ito ay nasisiguro kong pipiyok ako kapag pinilit ko pa iyon. Ang kabang ito sa dibdib ko ay pinapaos ako hanggang sa ako'y mapipi.

Muli akong natinag nang haplusin niya ang pisngi ko. Paulit-ulit habang nakatitig siya sa mga mata ko. Wala akong nagawa kundi ang paulit-ulit ding lumunok.

"I love you," ang sinabi niya. Batid kong hindi iyon ang una niyang gustong sabihin.

"I love you, too," mahinang sagot ko. Tipid siyang ngumiti. Hindi kompleto kagaya nang madalas kong makita sa kaniya.

"Babe, I..." Umiling-iling siya.

Nangunot ang noo ko. **"What is it?"** nag-aalala na ako sa gusto niyang sabihin. *Ano ba 'yon, bakit hindi niya masabi?*

Hindi siya nakasagot agad. At nang muling magtama ang paningin namin ay madilim na ang mga mata niya.

"I want to kiss your neck," pabulong na aniya saka marahang kinagat ang ibabang labi.

Nanindig ang balahibo ko sa hindi maipaliwanag na dahilan. *So that's it?* Napalunok ako.

Hindi ko alam kung paanong sasagot o kung dapat pa nga bang magsalita ako. Hindi na nawala ang kaba sa dibdib ko, mas nadagdagan pa. Pabilis nang pabilis, palakas nang palakas na parang lalabas na ang puso sa dibdib ko. Dapat pa nga bang ipagpaalam ang bagay na 'yon? Ang alam ko ay hindi. Kailangan bang gawin iyon? Umaabot ba dapat ang halik doon? Ginagawa niya ba 'to dahil sa respeto? Hindi ko alam.

Nalilito ako. Natuliro. Pinanghinayangan ko rin paghinto niya sa kung anumang tawag sa ginagawa namin kanina, aminado ako ro'n. Pero ngayong puno na ng tanong ang isip ko, kakatwang hindi na ako makapag-isip.

Ilang segundo ang lumipas at hindi ako nakasagot. Hindi nawala sa 'kin ang kaniyang titig, para bang naghahanap ng sagot sa mata ko.

Muli siyang lumunok na animong naging senyales nang muling pagkilos niya. Hinawakan niya ako sa panga. Gamit ang parehong hintuturo ay itinangala niya ang aking mukha dahilan upang magtama ang aming paningin. Matagal siyang tumitig sa 'kin, may minuto siguro ang lumipas, at talaga namang nailang ako lalo. Pakiramdam ko ay matutunaw ako. Sa isang maling galaw niya pa ay iiwas na ako at hindi na muli magagawang harapin siya.

Ngunit sinosorpresa ako ng lalaking ito. Hinapit niya ako sa likuran dahilan upang nakaliyad akong mapatayo. Hinalikan niya ang labi, marahang itinulak hanggang sa maihiga sa kama. Napalunok ako nang maramdaman ang bigat niya. Parang kaya ko siya na hindi, hindi ko maipaliwanag.

Marahan, nang-aakit, nanunukso niyang hinalikan nang paulit-ulit ang labi ko. Naglakbay ang mga labing iyon papunta sa pisngi ko. Napasinghap ako nang tuluyan niyang marating ang leeg ko. Napamulat ako nang maramdaman ang kaniyang dila na nagpaikot-ikot doon. Para akong kinukuryente sa kakaibang sensasyong idinudulot no'n sa 'kin. Hindi ko alam kung paano ko ba siya pahihintuin, may kung ano sa 'king nagpaparaya sa kaniyang ginagawa.

Hindi ako tinantanan ng kaba, natatakot ako. Pero parang mababaliw ako kapag inihinto niya iyon. Lalo akong nalito at natuliro sa kung ano ang dapat kong gawin.

Napasinghap ako nang siya ang kusang huminto at umalis sa ibabaw ko. Bumangon siya at muli akong tinitigan. Pakiramdam ko ay pinanawan ako ng dugo sa buong mukha at lahat 'yon ay napunta sa paanan ko. *Grabe!* Hindi ko maipaliwanag ang pakiramdam. Hindi ko malaman kung ano ang sasabihin. Nanatili siyang nakatitig sa 'kin na para bang pinag-aaralan ang kabuuan ng mukha ko.

"I'm damn speechless," bulong niya. Napalunok ako. **"I worked hard for that kiss, don't you dare forget it."**

Muli siyang yumuko at hinalikan ako sa noo, napako ang paningin ko sa kaniyang dibdib.

"I love you, baby babe, good night." Kinumutan niya ako bagaman ang parehong paa ko ay nasa nakalaylay pa sa sahig, hindi maayos ang pagkakahiga sa kama.

Sinundan ko siya ng tingin. Nakita kong punasan niya ang noo. Natutuliro ko ring pinunasan ang sarili kong pawis. Nakakatawang isipin na pinagpawisan kami sa malamig na klima ng lugar na 'to.

Naupo siya sa sofa, nasapo ang ulo habang nakayuko. Mayamaya pa ay nilingon niya ako, kinindatan saka walang tinig na sinabihan ng "I love you". Matapos no'n ay nahiga na siya at hindi ko na uli nakita. Naiwan akong nasa ganoong posisyon, pilit na pinapangalanan ang ginawa namin. Unti-unting bumabalik sa normal ang tibok ng puso ko.

Inayos ko ang sarili sa pagkakahiga. Hinawakan ko ang kumot at itinabing iyon hanggang sa dibdib ko. Pakiramdam ko ay nararamdaman ko pa rin ang bigat niya sa akin. Ang labi niya sa akin. Ang mga kamay niya sa akin.

At gaya niya... wala rin akong masabi.

OceanofPDF.com

CHAPTER 187

LOVEMIR'S POV

NAGISING AKO sa umaalingasaw na pabango ni Eerah kinabukasan. Ilang beses kong pinahiran ang ilong ko bago tuluyang bumangon. Hindi nga ako nagkakamali, nasa sala si Eerah at panay ang spray ng perfume sa katawan.

"You smell good," I said, she looked at me smiling. Gusto kong magpa-party nang dahil sa ngiting iyon, pakiramdam ko ay gusto ko nang manibago.

"I always smell good, Lovemir," hindi mawala ang ngiti sa labi niya.

Tumaas ang kilay ko. **"Tch. Yeah, right. Pwede ka na ngang ibote at ibenta,"** sarkastiko kong sabi, lumapit sa mesa at nagsalin ng tubig sa baso. **"Are you going somewhere?"**

"Yeah, downstairs. I want to eat breakfast." Nakangiti pa rin siya.

Sandali akong natigilan sa pag-inom bago naubos 'yon. May kung anong kirot sa dibdib ko sa simpleng bagay na sinabi niya.

Hindi niya man lang ba ako hihintayin? Tch. **"Hintayin mo na 'ko, mabilis lang ako."**

"I can wait for you downstairs," tinapos niya ang paglalagay ng kolorete sa mukha saka humarap sa 'kin. **"So how do I look?"** Napakainosente ng kaniyang ngiti, nanlalambot ang tuhod ko.

You're always beautiful, in every way, Eerah. I love you. **"Better,"** ang tanging naisagot ko, nanlulumo.

"Thanks," hindi na talaga maalis ang ngiti sa labi niya. At sa tingin ko ay alam ko na ang dahilan no'n. Si Deib Lohr Enrile. **"I will wait for you downstairs, bilisan mo, ah? Bye,"** aniya at dali-daling lumabas.

Napapabuntong-hininga ko siyang sinundan ng tingin. *Ano na lang ang gagawin niya kapag nalamang ang lalaking kinalolokohan niya ay nasa kaharap na kwarto lang? Tch. I can't think anymore.*

Agad akong naligo. Hindi ko pwedeng sayangin ang sandaling magkasama kami. Gusto kong makuha uli ang loob niya bago pa iyon mapunta sa iba.

I'm getting tired of this feeling. She's always rejecting me and doesn't give a damn if it hurts. The pain in my chest doesn't go away, it remains everytime I speak to her. Her coldness kills every inch of me. But I have to take it just to be near her.

Papasakay na ako sa elevator nang matigilan, napangiti ako nang makita si Maxpein. Gusto kong matawa. 'Ayun na naman 'yong hitsura niyang tila ba banas na banas sa paghihintay. Kunot na kunot ang noo na siyang nakapagpapasama sa hitsura niya.

"Good morning," bati ko, matagal bago niya ako nilingon. **"Hi."**

"Hey," ang tanging tugon niya, hindi man lang ngumiti.

"Mag-isa ka yata?"

"Tulog pa 'yong kasama ko."

Natawa ako, nilingon niya agad ako at sinamaan ng tingin. **"Sorry, I didn't mean to laugh,"** pinigilan ko nang matawa. **"Bakit hindi mo siya hinintay?"**

"Bakit mo kailangang magtanong?"

"Sorry," nakangiti kong sabi. **"Parati ka na lang galit."** Tumunog ang elevator, pumasok kami. Siya ang unang pumindot sa buton. **"Ground floor din ako,"** nakangiti kong sabi. Hindi niya na ako nilingon. **"Mas maganda kung maaga kayong pupunta sa light house,"** muling sabi ko pero hindi pa rin siya sumagot, parang wala man lang ngang narinig.

Tch. Akala ko ba ay okay na kami? Palihim akong ngumisi. *She's really weird. May topak siguro.*

Hindi na siya nagsalita hanggang sa makababa kami. Hindi niya na rin ako nilingon. Nagtuloy-tuloy siya sa restawran na para bang walang ibang kaluluwa sa paligid bukod sa kaniya.

Napapailing akong sumunod at hinanap si Eerah Anitha. Bagot na bagot, animong may hinahanap at inaasahan. Alam ko na kung sino at ayaw ko nang isipin.

Agad akong lumapit, lalo siyang sumimangot nang makita ako. **"Thanks for waiting."**

"Ugh. Hindi ikaw ang inaasahan kong darating," mataray na aniya. Natigilan man ay hindi ko na pinansin pa ang sinabi niya.

"Um-order ka na ba ng breakfast?"

Sumama lalo ang mukha niya, napaatras ako. **"And you're expecting me to do that, Lovemir?"**

Pinigilan kong tumawa. "Sorry, o-order na 'ko."

Pinili ko iyong breakfast na inaasahan kong makapagpapabago sa mood niya.

"Where do you want to go after this?" tanong ko nang maihain ang breakfast.

Nagulat ako nang ngumiti siya. Tumaas ang kilay ko at mukhang alam ko na ang kaniyang sasabihin. **"Pwede ba tayong bumalik sa light house?"**

I knew it. Bumuntong-hininga ako saka pilit na ngumiti. **"Of course, pagkatapos nating mag-breakfast."**

"Uhm, doon din ba pupunta sina Lohr?"

Tumaas na naman ang kilay ko saka ako nagkibit-balikat. **"Who cares?" Sumama ang mukha niya. Napabuntong-hininga ako. "I don't know. Wala naman kaming napag-uusapan tungkol do'n."**

Sumimangot siya. **"Pupunta tayo ro'n kung doon din ang punta nila."**

"Are you following him?"

"Psh. Does it sound like that?" Ngumisi siya. **"I don't think so, Lovemir. They came here before us and I was not really expecting to see them. What makes you think that I'm following them?"**

"Let me change my question then, are you going to follow them?"

"Yes," nakangiti niyang sagot, kumikinang ang mga mata.

Hindi ko alam kung bakit sa kabila nang katotohanang may gusto siya sa lalaking 'yon ay natutuwa pa rin ako. Hindi dahil sa alam kong okay na siya. Kundi dahil noon ko na lang uli nakita ang gano'ng natural na saya sa mukha niya. Hanggang sa kinauupuan ko ay nararamdaman ko ang tuwa niya. Napailing akong bumuntong-hininga at nagpatuloy sa pagkain.

Ayaw ko siyang kontrahin. Mas lalong ayaw kong sirain ang magandang simula ng umaga namin. Mas ayos na siguro ang ganitong masaya siya. Kahit na hindi ako ang dahilan. Kaysa sa paulit-ulit niya akong binubulyawan, sinisigawan, sinisinghalan, ipinapahiya na para bang isinusumpa niyang makasama ako. Sasakyan ko na lang kung anumang nakapagpapasaya sa kaniya ngayon. Pero gagawin ko ang lahat para sa huli ay ako lang ang higit na masaktan, bukod sa 'kin ay wala nang iba pa.

Hindi nagtagal at mukhang dumating ang hinihintay ni Eerah. Nakangiti niyang tinanaw ang entrance. Hindi ko na kailangang lumingon dahil batid ko na kung sino ang dumating.

Nakakatawa. Ang sabi ko sa sarili kanina ay ayos lang. Ngunit nang sandaling 'yon ay napagtanto kong hindi pa rin pala. Nasasaktan pa rin ako at hindi na yata mawawala 'yon.

Why is it so easy for you to ignore my pain?

Wala akong nagawa kundi ang magpatuloy sa pagkain. Wala akong lakas ng loob na sitahin siya. Dahil ayaw kong sa huli ay ako na naman ang masisi sa ganitong pakikitungo niya. Iniwasan ko na lang siyang tingnan. Hindi iyon naging madali kung pwede lang, hindi ko na aalisin pa ang tingin ko sa kaniya.

"Lohr!" natinag na lamang ako nang tumayo pa si Eerah upang tawagin ito. Napabuntong-hininga ako sabay iling, bago siya tiningala. **"Lohr! Here!"**

"Eerah," nakikiusap ang tinig ko. **"They are not here for us. Let them have their own space and time."**

Pinandilatan niya ako. **"What the hell are you saying, Lovemir? Can't I say good morning?"** maarte niyang sabi. Muli akong napabuntong-hininga at walang nagawa kundi ang hayaan siya.

Pinunasan ko ang bibig ko at tumayo upang salubungin ang magnobyo. Nangunot ang noo ni Deib Lohr, parang asiwang-asiwa na makita si Eerah. Habang ang girlfriend niya naman ay wala pa ring reaksyon ang mukha.

"Good morning, Lohr!" bigay na bigay na bati ni Eerah.

"Morning," malamya nitong tugon.

"You look tired. Are you okay?"

Ngumiti si Deib Lohr, kakaibang ngiti iyon. Tumaas ang kilay ko. **"Talaga? Hindi lang nakatulog nang ayos."** Kakatwang tingnan na ang kaninang nakasimangot niyang mukha ay umaliwalas. Nakangisi niyang nilingon ang nobya.

Tch.

Gusto kong matawa nang makita kong nakasimangot si Eerah. Hindi ko na 'yon pinansin. Bumaling ako sa dalawa. **"Please join us for breakfast,"** anyaya ko.

"No, thanks," nakangiting tanggi ni Maxpein. Nilingon ko siya. **"May naka-ready nang breakfast para sa 'min kanina pa. 'Yon ang sinadya ko kaya nauna akong bumaba."**

Ang sarap pala ng buhay ng boyfriend mo. Ngumiti ako. **"I see. Enjoy your breakfast then."** Ngumiti ako sa kanilang pareho. Tango lang ang tugon na natanggap ko.

"See you later, Lohr!" pahabol ni Eerah.

Nilingon lang siya nito saka nagpatuloy sa paglayo. Gusto ko na namang matawa nang padabog siyang naupo muli sa silya.

"I hate her."

"Who?"

"Psh! Sino pa? Eh, di 'yong girlfriend ni Lohr!"

"Si Maxpein?"

"I don't want to say her name, yuck!"

"Tch. 'Wag kang ganiyan, Eerah, pinakisamahan niya tayo nang ayos."

"So? I didn't ask for it. Nobody told her to do that."

"What did she do to you to make you treat her that way?"

"I just hate her."

"That's not right, Eerah."

"I didn't say I was right, dork! Ugh! Because she's making me jealous!"

Sinikap kong hindi pansinin ang sinabi niya. **"That's not what she's doing, Eerah. Deib Lohr is her boyfriend. Everything she do is natural for a couple."**

"What do you think they did last night?"

Nagkibit-balikat ako. **"Only the two of them knows, Eerah, I was not with them last night,"** sinikap kong 'wag magtonong sarkastiko.

Hindi niya na ako sinagot at sa halip ay nilingon niya ang mga ito. **"Ano ba ang nagustuhan niya sa babaeng 'yan? Walang kadating-dating!"**

"Panay angas lang," natatawa kong sabi. Nakasimangot niya akong nilingon. **"I mean, she looks cool."**

"In what way, Lovemir?"

"In every way? I don't know. 'Yon lang ang napapansin ko," nagkibit-balikat ako. **"Finish your food. We're going somewhere."**

"Where?"

"Sa light house."

"I said, sumabay na tayo sa kanila, 'di ba?"

"Mukha bang gusto nila tayong kasabay?"

"Bakit naman hindi? The more, the merrier! Duh?"

"Maybe they want to go alone. They're here to celebrate their anniversary anyway."

"Eh, di double celebration?" tumawa siya, kumunot ang noo ko.

Hindi ko na siya sinagot. Hindi ko gusto ang ideya niya. Pero mukhang hindi ko rin siya mapipigilang gawin 'yon.

Niyaya ko nang umalis si Eerah nang matapos kami. Ngunit matyaga niyang hinintay ang magnobyo. At saka niya ako minadali nang umalis ang mga ito.

Sa simula pa lang ay nakapanlulumo na. Ang magandang plano ko ay nasira at nauwi sa kasusunod sa magnobyo. Pinalo-palo niya ang braso ko nang makita sa labas ng hotel ang dalawa. Inutusan niya akong ihinto ang sasakyan sa harap ng mga ito at yayaing sumakay.

"Let me give you a ride," kaswal kong sabi. Nagkatinginan sila. **"Sa light house din ang punta ninyo, 'di ba?"** Walang sumagot sa kanilang pareho.

"Lohr, dito na kayo! Mas masaya kapag marami tayo!" ani Eerah. Nilingon ni Deib Lohr ang nobya.

"Let's go," ani Maxpein. Hindi ko inaasahang papayag siya. **"Thanks."** Nagtama ang paningin namin sa salamin.

Walang hinto ang bibig ni Eerah sa byahe. Siya ang pinakanag-e-enjoy.

Namangha ang magnobyo nang marating namin ang Basco Lighthouse at tanawin. Nakalulungkot lang isipin na hanggang ngayon ay hindi pa rin tapos ang lighthouse. Ang sabi sa 'kin no'ng unang pumunta ako ro'n ay ilang taon pa bago matatapos ito. Hanggang ngayon pala ay hindi pa rin nabubuo.

Gayunman, kabigha-bighani ang mapayapang tubig, asul na asul 'yon at berdeng berde naman ang tanawin.

"Hindi lang basta lighthouse 'to, tourist attraction din kaya dinadayo na ng ilan ngayon. Sabi no'ng nakausap kong tauhan ng Congressman ay mga 2003 pa matatapos ito." Nagkuwento ako habang pare-pareho naming tinatanaw ang lugar na 'yon. **"May dalawa pang lighthouses, nasa Sabtang at Mahatao ang mga 'yon."**

"Pare-pareho pala tayong mahilig sa nature!" masayang ani Eerah, na kay Deib Lohr na naman ang paningin. **"Remember no'ng nasa Palawan tayo, Lohr? Pareho tayong nakatanaw parati sa dagat."**

Hindi ko alam kung bakit gusto kong mapahiya nang dahil sa sinabi ni Eerah. Nakakahiya kay Maxpein. Mabuti na lamang at ngiti lang ang isinagot ni Deib Lohr.

Hindi matanggal ang kamay ni Deib Lohr sa nobya. Iniakbay niya ang braso dito at mayamaya pa ay nakayakap na ang buong braso nito kay Maxpein. Nakangiti siyang bumubulong saka sila sabay na tatawa.

Umiiling akong nag-iwas ng tingin. Hindi ko namalayan ang sariling pinapanood na sila.

"Pwede mo ba kaming dalhin sa iba pang spots dito?" nakangiting ani Deib Lohr.

"Tara," nakangiti kong anyaya. Nakangusong sumunod si Eerah nang mauna ang magnobyo.

Napapailing ako sa sitwasyon namin, ewan ko kung matutuwa ba ako o ano. Ang inaasahan ko kasi ay gugugulin ko ang tatlong araw sa panunuyo kay Eerah at hindi bilang tourist guide.

Mahirap akyatin ang ibang parte ng lugar na iyon. Gaya nang inaasahan ay si Eerah ang pinakanahirapan sa 'min dahil mahaba pa yata ang heels niya kaysa kaniyang paa. Hindi ko maitatangging nakakainggit ang sweetness ng magnobyo. Hindi talaga naalis ang mga galamay ni Deib Lohr sa nobya. Ito naman ay nagtitiwalang nagpapaalalay sa kaniya.

"Let me help you," inialok ko kay Eerah ang kamay ko. Sinamaan niya pa muna ako ng tingin bago padabog na inabot 'yon. Gusto kong matawa. **"Sa susunod ay mag-sneakers ka na lang,"** sabi ko pa.

"Sa susunod ay hindi na ako sasama sa 'yo, Lovemir. Wala nang kasunod, 'wag kang umasa."

"Kahit kasama pa silang dalawa?" nakangising tanong ko.

Umikot ang mga mata niya. **"Don't act as if you're supporting me. I know you're jealous deep inside. Ugh."**

"Then you're just making me jealous?"

"Excuse me?"

"Paano mo nasabing nagseselos ako kung gano'n?"

"Bitiwan mo ang kamay ko," inagaw niya 'yon. **"Manahimik ka na lang. Let me enjoy the nature,"** mataray na namang aniya saka naunang maglakad.

Pumunta kami sa tabing-dagat. Hindi ko alam kung gaano kaming katagal na nanatili ro'n. Ang totoo ay wala halos akong nagawa kundi ang panoorin ang magnobyo. Dahil si Eerah mismo ay gano'n ang ginagawa. Paminsan-minsan ay ninanamnam ko ang kagandahan ng paligid. Pero mayamaya lang ay natutuon na naman ang mata ko kina Maxpein at Deib Lohr.

Hindi pa man kami nakakaalis sa lugar ay nagyaya na si Eerah sa pinakamalapit na coffee shop doon. Iyong lugar kung saan kami nagkape noon. Hindi na ako nagdalawang-isip na dalhin sila ro'n nang pumayag ang

magnobyo. Nakapangako rin kasi ako sa may ari no'n na babalik ako kapag nagkaro'n ng pagkakataon.

Sa daan ay panay ang kwento ni Eerah. Kahit na mukhang walang interesado sa mga sinasabi niya. Hindi siya matigil sa kasasalita at talagang ipinagmamalaki ang naunang beses niyang pagbabakasyon dito. Hindi ko naman maiwasan ang mangiti dahil ako ang kasama niya no'ng panahon na 'yon. Hindi niya man mabanggit na masaya siyang nakasama ako, hindi niya man sabihin na parte ako ng kasiyahan niya, sa puso ko ay may tuwa dahil alam kong naro'n ako no'ng sandaling masaya siya.

Dahil hindi pa gano'n kasibilisado ang lugar, hindi na ako nagulat nang makitang wala pa rin halos pinagbago ang coffee shop. Makaluma ang istilo at disenyo, pinalilibutan ng berdeng mga halaman. Mahalimuyak ang mga bulaklak. Nakagagaan ng pakiramdam ang masarap na hangin.

Wala masyadong tao nang pumasok kami. Hindi pamilyar sa 'kin ang bumungad na crew kaya naman mukhang kailangan ko uling magsimula sa umpisa.

"*Kapian kapanu dius si cha makuyab,*" panimula kong bati. Nagsipagngitian sa 'kin ang mga ito. Tumango ako bago muling bumaling sa mga kasama ko. **"'Yon ang magandang hapon sa kanila,"** pabulong kong sinabi 'tsaka kami nagtuloy.

"Mukhang ilang beses ka nang nakapunta dito, ah?" ani Maxpein.

"Hindi naman."

"Kung gano'n, eh, di maalam ka na rin sa kape nila?" aniya pa na inililibot pa rin ang mga mata sa kabuuan ng lugar. Mukhang alam ko na kung saan interesado ang babaeng ito, at kung ano ang magpapaganda sa mood niya, kalikasan. Napangiti ako dahil pareho kami.

In-order ko iyong maiinom na maibibida ko sa kanila. Hindi ako napahiya nang magustuhan nila iyon.

"Masarap, 'di ba?" may bahid nang pagmamalaki ang tinig ko.

Sabay na tumango ang magnobyo. **"Ganito ang lasa na gusto ko,"** ani Maxpein.

"Tch! Nagpaparinig ka ba?" bigla ay angil ni Deib Lohr.

Natahimik kami. Tumaas ang kilay ko at nalilitong nilingon si Maxpein. Maging siya ay nagulat sa iniasta ng nobyo. Gusto ko tuloy matawa.

"Inaano kita?" kunot-noong tanong ni Maxpein.

"Ibig mong sabihin ay hindi mo nagustuhan 'yong tinimpla kong kape para sa 'yo?"

"Kailan mo naman ako tinimplahan?"

"Ha! Baka no'ng nasa Palawan tayo, Taguro?"

"Tss. Baka may coffee maker do'n, Sensui?"

"Gano'n na rin 'yon!"

"Tss, tinunaw mo lang 'yong kape, hindi pa rin ikaw ang nagtimpla."

"Ako!"

"Oo, ikaw ang nag-serve."

"Ang yabang mo."

"'Yan ang hirap sa 'yo, eh. Kapag nagpapakatotoo ako, kayabangan ang dating sa 'yo."

"Tch! Oo nga pala, *likas* na katauhan mo na 'yan," mariing ani Deib Lohr.

Napamaang ako sa magnobya. *Seriously?*

"Wooh, that was tough," ani Eerah. Nilingon siya ng mga ito. **"Ang sweet niyo naman pala, 'no? I'm so envious,"** hindi malaman kung sarkastiko o natatawa talagang aniya.

"Ganiyan kami mag-usap," ani Deib Lohr.

"Mukha nga."

"At wala kang pakialam."

"Ugh! You're so bad."

"Hehehe, biro lang," mapaklang anang lalaki matapos siyang sikuhin ng nobya. **"Nagugutom ako, baby babe,"** pabulong niyang sabi pero rinig namin. Ipinatong niya ang mukha sa balikat ng babae saka ito deretsong tinitigan.

"It's almost lunch, what do you want to eat?"

"Wala akong alam dito."

"Sige, magtitingin ako," ani Maxpein 'tsaka tumayo.

"Samahan na kita," sumunod si Deib Lohr. Nangingiti ko silang sinundan ng tingin.

"Psh. What's so funny?" biglang tanong ni Eerah.

Tumaas ang kilay ko. **"What?"**

"Why are you smiling?"

"Am I?" inosente kong tanong saka napailing.

"You think they're cute, huh?" mapaklang aniya, nagkibit-balikat ako. **"Psh. Ano ang nagustuhan niya sa babaeng 'yon, eh, parang mas lalaki pa sa kaniya kung umasta."**

"Malambot lang talaga si Deib Lohr."

"Bawiin mo ang sinabi mo!" asik niya.

Tumaas ang kilay ko. **"Wala namang masama sa sinabi ko."**

"Hindi siya malambot, okay?"

"Hindi naman bading ang ibig kong sabihin. Bakit ba ang init ng ulo mo sa 'kin? Tapos kapag sa kaniya ay panay ang pagpapa-cute mo? Tch."

"Ugh! Mukha ba akong nagpapa-cute sa kaniya?"

"Bakit, hindi ba?"

"Of course not!"

"Okay," nag-iwas ako ng tingin sa init. **"Cute ka pa rin para sa 'kin."**

"What did you say?"

"Nothing," nginitian ko siya.

Tinanaw kong muli ang magnobya. Mukhang nagbabangayan na naman sila. Mag-uusap na parehong nakabusangot ang mga mukha, mag-iiwas ng tingin sa isa't isa tapos mayamaya ay aaluin ng isa ang isa. Hindi ko malaman kung bakit nga ba nakakatuwa silang tingnan. Marahil ay dahil sila lang ang magnobyang pinagmasdan ko sa dami nang nakita ko. Hindi ko kasi ugaling tumingin o manood sa isang couple, wala akong interes. Pero kakaiba ang isang 'to, inaagaw masyado ang atensyon ko. Nakakatuwa silang tingnan, hindi nakakaasar. O baka kailangan ko nang sabihin na *nakakainggit* silang tingnan.

"Bakit nga ba hindi na tayo pwedeng maging ganyan?" wala sa sariling tanong ko, ako mismo ang nagulat. Nang lingunin ko si Eerah ay masama na naman ang tingin niya. **"I'm sorry, I didn't mean to say that."**

"Yeah, right, Lovemir. When the hell did you moved on?" inis niyang sabi.

Napabuntong-hininga ako habang nakatitig sa kaniya. Nakasimangot naman niyang hinalo ang sariling kape 'tsaka sumimsim. Sa katagalan nang pagkakatitig ko sa kaniya ay napansin niya 'yon. Sinamaan niya ako ng tingin, nagtatanong kung ano ang itinitingin-tingin ko.

"Bakit nga ba hindi na tayo pwedeng maging gano'n?" muling tanong ko saka sinulyapan ang dalawang 'yon. **"Normal naman tayong pareho, nagmamahalan at totoo sa isa't isa pero... bakit hindi tayo naging katulad nila?"**

"What are you trying to say, Lovemir?" nagsasawa niyang tanong.

"Bakit hindi tayo tumagal? Bakit kailangan nating maghiwalay? Napakaraming tanong sa isip ko pero natatakot akong itanong ang

lahat nang 'yon sa 'yo. Parati kang galit na para bang ginusto kong lahat na mangyari 'to."

"It was your choice, stupid!"

"Eerah, please," nanlulumong sabi ko.

Sumeryoso siya. **"Kailan mo ba maiintindihan na hindi tayo pwede?"**

"Bakit nga hindi tayo pwede?" nasasaktan kong tanong.

Itinikom niya ang bibig na umastang parang nauuyam. **"Dahil mali ang naramdaman natin sa isa't isa noon, Lovemir. At mali ang nararamdaman mo ngayon."**

"Ano ba ang batayan mo sa pagmamahal para masabing mali ang nararamdaman ko?" kaswal kong tanong, natigilan siya. **"No'ng simula pa lang ay alam na nating mali pero nagpatuloy tayo at parehong naging masaya sa isa't isa. Para sa 'kin ay 'yon ang mahalaga. Iyon ba ang mali para sa 'yo, Eerah?"** hindi ko napigilan ang sarili kong emosyon.

"Enough, Lovemir. Stop bringing back the past," gitil niyang pakiusap. Pero may kung ano akong nababasa sa kaniyang mga mata. Kung hindi ako nagkakamali ay nagiging emosyonal siyang gaya ko kaya lalo kong ginustong magpatuloy.

"Maiintindihan kong mali ang mahalin ka kung hindi mo ako minahal pabalik. But we loved each other, Eerah. Paano 'yon naging mali?" sinikap kong 'wag pangiliran ng luha. Pareho kaming titig na titig sa isa't isa. **"Alam mo nang mali pero pinakasalan mo pa rin ako. Alam mo ba kung ano ang mali na nakikita ko?"** tumitig siya lalo sa akin. **"Iyon ay 'yong iwan mo 'ko."**

"Look who's talking,"nasusuyang singhal niya. "Ako ba talaga ang nang-iwan?"

"I came back for you—"

"You left me, Lovemir. Hindi mo pwedeng diktahan ang mga desisyon ko no'ng mga panahong wala ka sa tabi ko."

"Pero—"

"Lovemir, enough," mas pinakadiinan niya 'yon. **"May mga kasama tayo—'wag kang umarte nang ganiyan ngayon dito. Lalayasan talaga kita,"** pasinghal niyang bulong. Hindi ko iyon pinakinggan.

"Love is a feeling, Eerah, it has no age, no limit; and no death. And you promised to love me until death. Paanong naging mali ang mahalin ka pero ang pagtalikod sa ipinangako mo sa akin ay hindi?"

"But it was you who left me." She said emotionally.

"Because you didn't do anything to make me stay."

Pareho kaming natigilan, dumating iyong magnobya. Pero hindi agad naalis ang paningin namin ni Eerah sa isa't isa. Pilit kong binabasa ang emosyon na nagmumula sa kaniya. Ayaw kong umasa pero nasisiguro kong malungkot din siya. Sinikap kong ngumiti nang pagmasdan kaming pareho ng dalawa, iniiwas ko ang tingin.

"Meryenda," inilagay ni Maxpein ang magkaibang uri ng cake sa harap namin ni Eerah.

"Salamat," tipid ang ngiting tugon ko.

"Mamaya ay magsi-seafoods tayo. 'Yon daw ang masarap dito sabi ni manong," aniya habang nakatingin sa sariling pagkain.

"Totoo 'yon, ipatitikim ko sa inyo 'yong seaweed balls." Muli akong bumida.

"Kung gano'n ay magkakasabay na naman tayo sa dinner?" kunot-noong tanong ni Deib Lohr. Napahalakhak ako sa ekspresyon niya.

"Ayaw mo?" natatawa kong tanong.

"Hindi naman."

"Makakaabala ba kami sa inyo?"

"Tch. Ayos lang, nasimulan niyo na naman, eh."

"Okay lang naman kung—"

"Oo na nga, eh, 'wag ka nang magpapilit."

Napahalakhak na naman ako. **"Bagay kayo, pareho kayong galit parati."**

"Tch."

"Don't worry, magshe-share ako sa gastos," nakangiti kong sabi. **"Share tayo sa lahat."**

"Tch! To hell with that! I don't share!"

Natawa ako pero hindi na umimik pa. Panandalian kong nakalimutan ang naging usapan namin ni Eerah. Tinapos namin ang meryenda. Nakakatuwa talaga ang magnobya. Nakabuo sila nang sariling mundo kahit nandoon kami ni Eerah. Hindi ko naramdamang gusto nilang mang-inggit, wala silang intensyon maging sarkastiko, natural sila sa lahat ng bagay.

Tuloy ay hindi ko lalo napigilan ang sariling ungkatin sa isip ang nakaraan namin ni Eerah. I don't know why I'm still stuck in the past. Marahil ay hindi ko pa lubos na matanggap na wala na talaga kami kahit na mahal ko pa rin siya. I want her to treat me right, I want her to accept me

back although it's no longer possible. Masyado akong nasasaktan, 'yon lang ang alam ko.

MAX'S POV

DUMERETSO KAMI sa kwarto nang makabalik sa hotel. Nakakailang ang pananahimik ni Sensui. Madalas ko siyang nahuhuling nakatitig lang sa 'kin. Minsan ay ngumingiti 'tapos mag-iiwas ng tingin.

Nasanay ako sa kakatwang hitsura niya pero kakaiba ang iniaasta niya ngayon. Pakiramdam ko tuloy ay naiisip niya 'yong nangyari kagabi kaya gano'n na lang ang ngiti niya, nakakaloko. Sinikap kong 'wag magpahalata, panigurado kasing aasarin niya ako. Umakto akong normal at hindi apektado.

"Masaya ka ba sa paggala natin?" tanong ko mayamaya para maalis naman ang paningin niya sa 'kin.

Nakaupo siya sa sofa habang ako naman ay nagsasalin ng tubig sa baso. Hinubad ko ang suot kong sweater at isinampay 'yon. Inayos ko ang suot kong itim na sando at inilihis ang manipis kong pjama. Hindi pinagsisihan gano'n ang isinuot dahil sa malamig na klima.

"Of course, because we're together. Mas okay sana kung hindi natin kabuntot 'yong dalawa," mapait niyang sinabi.

Napabuntong-hininga ako. **"Okay naman silang kasama, ah?"**

"Oo nga, wala naman akong sinabing hindi."

"Eh, ano ang problema?"

"Wala naman, babe, sinasabi ko lang na mas masaya sana kung tayong dalawa lang," ngumiti siya. **"Tayong dalawa lang ang nasa relasyong 'to, Taguro, hindi natin kailangang may kasama kapag magsasaya. Nandito tayo para sa 'ting dalawa, hindi sila kasama ro'n."**

"Tss, okay," tumawa ako kunyari at saka nag-iwas ng tingin.

"Matutulog na muna ako, babe, ayos lang?"

"Sige," kaswal kong sagot.

Humiga siya sa sofa. **"Hindi kasi ako masyadong nakatulog kagabi."**

Pakiramdam ko ay alam ko na kung ano ang dahilan. *Pareho kami...* **"Sige, gigisingin na lang kita kapag magdi-dinner na."** Sinikap kong 'wag mautal, batid kong pinamulahan ako ng pisngi.

Tiningnan ko siya hanggang sa pumikit. Hanggang ngayon ay nahihiya ako dahil sa nangyari kagabi. Pilit ko nalang na inaalis 'yon sa isip ko.

Bitbit ang laptop ay lumabas ako sa veranda at doon kinausap si Heurt.

Maxpein del Valle: **Ding dong!**

Heurt Park: *Kumusta diyan?*

Maxpein del Valle: Ayos naman. Tahimik pa rin.

Heurt Park: *May napapansin ka bang kakaiba sa babae?*

Maxpein del Valle: Iyon nga ang ipinagtataka ko, wala akong mapansing anumang mali sa mga ikinikilos niya. Normal na normal ang mga gawi niya at walang kahina-hinala maski isa.

Heurt Park: *Magaling siyang magtago kung ganoon.*

Maxpein del Valle: Naisip mo ba, paano kung nagkakamali lang tayo sa kaniya?

Heurt Park: *Ano ang ibig mong sabihin?*

Maxpein del Valle: Paano kung wala naman talaga siyang kinalaman sa mga nangyayari ngayon?

Heurt Park: *Hindi. Ganoon pa rin ang hinala ko. Nasa iisang pamilya sila kaya hindi malayong tama ang hinala ko.*

Maxpein del Valle: Paano iyong asawa niya?

Heurt Park: *Ganoon din, kailangan mo silang bantayan pero huwag mo kalilimutang mag-ingat, Maxpein. Hindi sila iyong basta-basta, maniwala ka sa akin.*

Hindi ko maintindihan. Totoo ang sinabi ko. Hindi ko kinakikitaan si Eerah Anitha nang anumang kilos na kahina-hinala. Wala akong makitang dahilan para masabi kong isa siya sa may pakana ng mga nangyayari. Hindi rin mukhang spy o may tangkang gawan kami nang masama. Isa lang siyang normal na tao sa paningin ko kaya hindi ko lubos na maintindihan kung bakit pinababantayan siya sa 'kin ni Heurt.

Mahirap namang paghinalaan si Lovemir. Wala akong maramdaman sa kanyang kahit na ano. Ang nararamdaman ko kay Eerah ay inis lang. At iyon ay dahil sa panlalandi niya kay Sensui. Tss. Hindi ko talaga maintindihan.

Heurt Park: *Maxpein, nandiyan ka pa ba?*

Maxpein del Valle: Oo, pasensya na.

Heurt Park: *Basta bantayan mo lang sila at huwag kang magpapahalata.*

Maxpein del Valle: Paano kung kagaya natin ay binabantayan lang din nila tayo? Paano kung katulad natin ay nag-iingat lang din sila at hindi nagpapahalata?

Heurt Park: *Kaya ka nga mag-iingat. Dahil sa tingin ko ay diyan ka tumama.*

Matagal kaming nagkausap ni Heurt. May sandali pa ring hindi ko siya maintindihan. May kung ano sa 'kin na nag-iisip na baka tamang hinala lang sila. Kung ano-anong tanong ang pumapasok sa isip ko. Pero hindi ko pa rin naman maiwasan ang kabahan lalo pa at lapit nang lapit kay Sensui ang Eerah Anitha na 'yon.

Hindi ko masisisi ang mga kasama ko ngayon sa biglaan at magandang pakikitungo ko sa kanila. Hindi nila inaasahan 'yon. Pero ang totoo ay iyon ang kailangan kong gawin. Gaya nang sinabi ni Heurt ay kailangan kong mag-ingat at sa ganitong paraan ko napiling matyagan ang mga kilos nila. Sa tingin ko kasi ay magiging mahirap bantayan sila sa malamig at daskil na kilos. Mas kahina-hinala pa nga iyon. Mas maigi nang ganitong maayos habang maaga. Kaysa sa huli kapag buo na ang plano at mas marami na akong nakuhang ebidensya.

Nang magdilim ay pumasok uli sa kwarto, siniguro kong naka-lock ang salaming pinto ng veranda. Dumeretso ako sa banyo at naligo. Gigisingin ko na lang si Sensui pagkatapos. Hindi ako nagtagal sa banyo.

"Babe..." marahan kong niyugyog ang balikat ni Sensui. Nakangiti siya nang magmulat. **"Maligo ka na, magdi-dinner na tayo."**

"Good evening, baby babe."

"Kumilos ka na," nakangiti kong sinabi.

Tumayo siya at humalik sa pisngi ko, walang sali-salitang nagpunta sa banyo. Kagaya kanina ay nagsuot lang ako ng isang manipis at gray na pajama at itim na sando. Inilugay ko ang buhok ko at ginulo iyon gamit ang mga kamay ko. Naglagay ako nang kaunting powder saka nag-spray ng pabango.

Ilang saglit pa nang matapos si Sensui. Naramdaman ko ang paglapit niya ngunit hindi ang pagyapos niya sa 'kin. Nagugulat akong napaharap.

"Ano na naman?" asik ko.

Ngumisi agad siya. **"Natatandaan mo ba 'yong ginawa ko kaga—"**

"Oo na! 'Wag mo nang ipaalala," angil ko, ngumuso siya.

"Tch! 'Yan ang pinakapangit sa ugali mo, Taguro! Nakakayamot ka!"

"Tss."

"Alam mo bang hindi ako nakatulog nang ayos dahil do'n tapos ayaw mo nang ipaalala ko?"

"Nahihiya kasi ako," pakiramdam ko ay namumula na naman ako.

"Bakit ka naman mahihiya? Ikaw ba ang gumawa? Tch. Baka nakakalimutan mong panay titig ka lang?"

"Ano?" kumunot ang noo ko.

"Nagustuhan mo ba 'yong kiss ko, babe?"

Paano niya nagagawang tanungin 'yon? Tss. **"Hindi ko alam."** Nag-iwas ako ng tingin.

"Bakit hindi mo alam?"

"Mahirap sagutin ang tanong mo."

"Bakit mahirap?"

"Dahil hindi ko masabing hindi at nahihiya akong sabihing oo."

"Bakit—"

"Tigilan mo ang pagtatanong, dadagukan kita."

"Nakainom kasi tayo kagabi kaya malakas ang loob ko," nakalabi niyang sinabi.

"Tss." *Sinabi ko na nga ba. Kakaiba talaga ang epekto ng alak sa kaniya dahil nababaliw lalo siya. Iiwas mo siya sa alak, Maxpein.*

"Pero pwede ko pa ring gawin 'yon kahit na matino ako, babe,"ngisi niya.

"Hindi ngayon dahil nagmamadali tayo—"

"Pwede rin namang mabilisan ang halik, Taguro."

"Magbihis ka na," mariin kong sabi.

"Bakit? Nakakaakit ba ang katawan ko?"

Ano ang kaakit-akit sa buto-buto? **"Asa,"** asik ko sabay kalas sa yakap. **"Bilisan mo na—"**

Hindi ko na nagawang tapusin pa ang sasabihin dahil hinala niya ako hanggang sa mapaupo sa kaniyang hita. 'Ayun na naman 'yong malamlam niyang mga mata.

"Ano, mangmamanyak ka na naman?"

Ngumisi siya. **"Kamanyakan 'yon kung hindi mo nagustuhan. Pero sa pagkakatanda ko ay hindi ka tumanggi sa ginawa ko, Taguro."** Lalo yata akong namula. **"Ang totoo ay natakot akong mabastos ka."** Sumeryoso siya, kinakabahan lalo ako. **"Pero gustong-gusto ko 'yong pagpapaubayang ginawa mo kaya ako na mismo ang pumigil sa sarili ko."**

"..." Wala akong naisagot.

"Nanggigigil ako sa 'yo, Taguro," bakas iyon sa boses niya.

Naibaba ko ang paningin, hindi malaman kung paano siyang titingnan. Aminado akong nagustuhan ko rin iyon. Pero hindi ko alam kung dapat niya pa ba 'yong malaman. Sapat na sa 'kin 'yong pagpapaubayang naisip niya kaysa idetalye ko pa ang tunay kong naramdaman.

"Bumaba na tayo," anyaya ko, sinikap 'wag mautal.

"Sige," ngumiti siya. Nagtama ang aming paningin. **"Kapag hinalikan mo na ako."**

"Na naman?"

"Parati 'yan, Taguro. Masanay ka na."

"Eh..."

"Okay, mamaya na lang," aniya na umayos sa pagkakaupo. **"Mas maigi na 'yong mamaya, wala na tayong ibang gagawin kundi iyon. Kaysa ngayon na kailangan pa nating bumaba para kumain. Minsan ay sinisisi ko ang tiyan ko kung bakit mabilis magtrabaho, nauudlot ang mga luho ko."** Dere-deretso niya iyong sinabi 'tsaka tumingin sa mga mata ko. **"Luho ko na ang halikan ka, Taguro."**

Napalunok ako, lalong kinabahan. Tumitig siya sa 'kin, nangungusap ang kaniyang mata. Hindi ko alam kung ano ang gagawin. Gusto kong mag-iwas ng tingin pero pinipigil ng titig niya iyon. Wala akong nagawa sa huli kundi ang lumunok nang lumunok.

"Sige na, magbibihis na muna ako," aniya 'tsaka hinawakan ang kamay ko at iginiya ako patayo. **"Mamaya na lang natin ipagpatuloy ang anumang naudlot kagabi."**

"Wala ka namang ibang gagawin bukod do'n, 'di ba?" kinakabahan kong tanong.

"Wala. Hanggang do'n lang ang alam at gusto ko, Taguro," bagaman nakangiti ay sinsero niyang sabi. **"Someday, I'm gonna do bad things with you, I promise,"** ngumisi siya.

Nanlaki naman ang mga mata ko. **"Sira-ulo mo,"** hindi ko napigilan ang sariling sabihin. Lalo siyang ngumisi. Sandali pa naming tinitigan ang isa't isa bago siya tuluyang tumalikod sa 'kin upang magbihis.

Halos wala nang tao sa restawran nang bumaba kami. Naro'n na naman sina Eerah at Lovemir. At mukhang wala kaming choice kung hindi ang sumabay sa kanila. Hindi naman labag sa loob ko. Inaalala ko lang din ang privacy nila at bukod do'n ay kailangan ko silang bantayang pareho. Kailangan kong makakuha ng patunay, ebidensya, kahina-hinalang kilos para masunod ko nang ayos ang mga iniuutos ni Heurt.

Gaya nang sinabi ay hindi pa rin ako lubos na kumbinsido na may kinalaman ang mga ito sa mga pangyayari ngayon.

Masyado silang normal, wala akong nakikitang mali sa mga ikinikilos nila. Madalas kong maramdaman kapag masama ang isang tao o kung may masamang pakay. Pero ang dalawang ito ay hindi ko maramdamang gano'n. Si Lovemir ay brokenhearted habang si Eerah naman ay malandi. Napakanormal. Mukhang mahihirapan ako sa mga ito.

"Mabuti naman at kusa na kayong sumabay sa 'min. Dinamihan ko na kasi ang order," bungad ni Lovemir.

Agad akong ngumiti at tumango. **"Baka masanay kami sa libre niyan?"** pabiro kong sabi.

Tumaas ang kilay niya. **"Depende, kung parati kayong sasabay sa 'min ay walang problema."**

"Biro lang."

"Kumain na tayo. Have a seat."

"Thank you."

"Salamat sa dinner," nakangiting ani Sensui, nagpalitan sila ng tango.

"Sabihin na lang natin na natikman ko na kasi ang mga pagkaing ito kaya malakas ang loob kong manlibre." Natawa si Lovemir. **"Tikman ninyo, nasisiguro kong hindi kayo magsisisi,"** pagmamalaki niya pa. **"Gusto mo nito?"** inalok niya ang asawa.

Doon ko lang napansin ang katahimikan ni Eerah. Ni hindi man lang kami nito sinalubong ng tingin habang papalapit. Nakatuon lang sa mesa ang mga mata niya at hindi nakipagbatian. Sandali tuloy akong nag-alala kung nais ba nitong naro'n kami o hindi siya komportable. Hindi ko naiwasang panooring ang mga gawi niya. At sa unang pagkakataon ay nakita kong hinayaan niya ang asawang asikasuhin siya. Napapansin ko kasi kadalasan na panay ang asik niya rito.

Napabuntong hininga ako saka tumingin sa mga nakahain sa mesa.

Awtomatikong nanlaki ang mga mata ko. **"Ano 'yan?"** napalakas ang boses ko.

Natinag silang tatlo at napatingin sa 'kin, bago sinulyapan ang mga nakahain.

"Lobster at coconut crab ang mga 'yan. Fresh from Sabtang," si Lovemir ang sumagot. **"Ilan lang ang mga 'yan sa mga specialty ng Batanes—"**

"Alisin niyo 'yan," bago ko pa man mapigilan ang sarili ay iyon na ang aking nasabi. Nagulat sila.

"What's the problem, babe?" pabulong na tanong ni Sensui.

Nanlalaki ang mga matang nilingon ko siya. **"Ayoko niyan,"nautal ako.**

"Bakit, babe? Masarap 'yan," pabulong din niyang tugon.

"Oo at wala akong pakialam."

"Bakit ba?"

"Ang daming paa, eh," napapailing kong sagot. *Normal bang magkaro'n nang gano'n karaming galamay?*

Kinikilabutan ako sa hitsura no'n. Napakaraming paa o kamay, basta galamay. Hindi normal sa paningin ko ang gano'n at talagang natatakot ako.

Natawa ang dalawang lalaki, higit si Sensui. *Badtrip naman, oh!***"Abnormal ka talaga, eh, 'no?"** ani Sensui. Ngumuso ako. **"Masarap 'yan, babe. Gusto mo bang alisin ko ang mga paa nito para sa 'yo?"**

"Hindi na lang."

"Para matikman mo."

"Ayaw ko nga niyan, nakita ko na ang hitsura, eh."

"Eh, di 'wag mong isipin 'yong hitsura?"

"Tss. Nasa isip ko na, Sensui."

"Tsk. Kahit kailan ka, Taguro," natatawa niya pa ring sabi.

"Maraming seafoods dito, gusto mong order-an kita ng isda?" suhestyon ni Lovemir.

Lalong natawa si Sensui. **"Takot din sa isda 'yan, bwahaha!"**

Damn it.

"You're weird," pabulong na ani Lovemir. **"What do you want for dinner then? Pork? Beef?"**

"Hindi na lang ako kakain."

"Hindi pwede," seryosong ani Sensui, ngumuso ako.

"But I suggest you to taste it, Maxpein," mahinahong ani Lovemir. Umiling agad ako. **"Masarap 'yan, maniwala ka sa 'kin."**

"Ayoko nga," mariing sagot ko.

Tumayo ako at lumayo, hindi na muling tiningnan ang mga nakahain. Kakaiba ang hitsura ng mga iyon sa kadalasan kong nakikita. At para sa 'kin ay hindi talaga normal ang mga iyon. Masyadong malaki!

Wala akong pakialam kung mamahalin at masarap pa ang mga iyon. Mas gugustuhin kong maghapunan ng itlog at kamatis kaysa ro'n.

Walang nagawa si Sensui kundi ang um-order ng Spanish Mackarel. Nahiya tuloy ako kay Lovemir. Hindi naman siya nabigo dahil nalibang si Sensui sa pagkain. Maayos din ang pag-uusap nila tungkol specialties ng Batanes. Habang ako ay sariling pagkain lang ang tinitingnan sa mesa.

"Sweet sticky rice ang tawag dito." Inilagay ni Lovemir sa harap namin ang dalawang platito na may puting malagkit.

"Tss, sinukmani 'to, eh," hindi ko namalayan ang sariling nagsalita.

Nagtaas ng kilay si Lovemir. **"What?"**

"Sinukmani," pag-uulit ko. "'Yong malagkit? Sinukmani ang tawag dito. Kulay puti nga lang at pinaganda ang pangalan kaya nagmukhang espesyal."

Sandali siyang natigilan. **"Pero 'yon talaga ang tawag diyan."**

"Okay," agad akong tumikim at natigilan dahil sa nanunuot nitong lasa.

"Masarap?" tanong ni Sensui. Nakangiwi akong tumango. Ngumisi siya at tiningnan ako sa labi. **"Kinakabahan ka na naman, Taguro."**

Abala akong kumakain ng sinukmani nang mag-ring ang cellphone ko. Si Maxwell ang tumatawag.

"What?" sagot ko.

Natinag ako sa humahangos niyang hininga, nangingibabaw sa kabilang linya.

"*Yoboseyo*?" muling sabi ko nang hindi siya sumagot.

"I think someone's inside my house, Pein."

Nanlaki ang mga mata ko at nag-iwas ng tingin. Napapalunok kong ibinaba ang hawak na kutsarita. Pasimple kong sinulyapan ang mga kasama saka maingat na tumayo at lumayo.

Pero huli na ang lahat. Naputol ang linya ni Maxwell na siyang bumuhay sa matinding kaba ko.

Ano ang ibig niyang sabihin? Agad ko siyang tinawagan pabalik pero hindi niya iyon sinagot. Nang ikalawang beses na subukan kong tawagan iyon ay nakapatay na.

Muling umalingawngaw sa pandinig ko ang kaniyang sinabi. Nilamon ako ng kaba.

Wala sa sarili kong tinalikuran ko ang mga kasama. **"Hey, where are you going, babe?"** hindi ko namalayan ang pagsunod ni Sensui.

Hindi niya pwedeng malaman. Hindi niya pwedeng malaman. Pinilit kong ngumiti. **"May pupuntahan lang ako sandali, babalikan kita—"**

"Saan?"

Hindi ko alam kung paano siya sasagutin. **"Pagkatapos mong kumain ay umakyat ka na sa kwarto natin. Babalikan kita—"**

"Babe," lalo siyang lumapit sa 'kin. **"May problema ba? Ayos ka lang?"**

Lumunok ako. "I'm fine."

"Namumutla ka."

Nagulat ako at biglang natuliro. Hindi ko malaman ang gagawin. Paano ko pupuntahan si Maxwell? Masyado akong malayo. Paano ko tatakasan ang sitwasyong 'to? Komplikadong magpaliwanag kay Sensui, at posibleng makahalata ang dalawa kapag nagpaliwanag ako.

OceanofPDF.com

CHAPTER 188

MAXWELL'S POV

PAGOD AKONG umuwi mula duty. I locked the doors and went to the kitchen to get a cup of tea. I then went in my room, removed my uniform and sat on the couch. I turned on the television and watched the news. I played my favorite classical music before rushing to the bathroom for a shower. That's my typical routine after a tiring shift.

Sinabayan ko sa isip ang musika habang nagbibihis. Ngunit natinag ako nang may marinig na ingay. Nilingon ko ang madilim na gawi ng sala. Tuluyan kong binuksan ang pinto at dumako sa hallway. Tanging ang puting estante ang natatanaw ko sa dulo. Nasa pwesto ko ang liwanag at malayo ako sa switch ng ilaw sa sala.

Wala na akong marinig o maramdaman pa. Lumapit ako sa switch at nagliwanag ang buong bahay. Inilibot ko ang paningin ngunit katahimikan lang ang meron doon. Wala akong makitang kakaiba.

Baka guni-guni ko lang iyon. Napabuntong-hininga ako.

Ngayon lang nangyari iyon sa itinagal ko sa sariling bahay. Dumeretso ako sa kusina at kumuha ng bottled water, binuksan iyon at mabilis na tinungga. Nanuyo yata ang lalamunan ko dahil sa kaba.

Ngunit halos masamid ako nang may marinig na nabasag, at batid kong nagmumula iyon sa kwarto!

Dinampot ko ang baseball bat sa gulid ng ref saka nakikiramdam na bumalik sa kwarto. Gamit ang bat ay binuksan ko ang bahagyang nakasaradong pinto. Hindi ko matandaang isinara ko iyon. Kaya sa sandaling iyon ay batid kong hindi ako nag-iisa rito. Hindi pa man ako tuluyang nakakapasok ay nakita ko na ang basag nang picture frame. Iyon ang kaisa-isang picture namin ni Chairman no'ng high school graduation. Nang makapasok ay halos panawan ako ng hininga pero gaya kanina ay wala akong nakita. Nag-igting ang bagang ko at naihampas ang baseball bat sa kama.

"What the hell is going on?" asik ko, halos mapadugo ang sariling labi.

Napalingon at kinilabutan ako nang biglang mamatay ang ilaw sa sala. Natutuliro kong nilingon ang pinanggalingan. Ngunit gaya kanina ay ang puting estante lang ang nakikita ko.

Kabado kong dinampot ang cellphone at nag-dial. Ngunit muling natigilan matapos matanawan ang kamay na nakahawak sa door knob. Huli na bago ko makita ang nagmamay-ari niyon dahil pabagsak na nitong isinara ang pinto. Matapos no'n ay kalabog at binabasag na mga gamit, mula sa sala.

"Damn it!" singhal ko saka nagmadaling pinulot ang bat.

Naghahalo ang kaba, panginginig, takot at galit sa dibdib ko. Gusto kong bagalan ang pagkilos ngunit kusa itong nagmadali. Idinial ko ang numero ni Maxpein bago ko binuksan ang pinto ng kwarto. Patay pa rin ang ilaw pero hindi ko na kinatakutan pa iyon. Binuksan ko ang ilaw sa gawi ko saka tinanaw ang sala kahit pa wala akong makita. Muli kong idinial ang numero ni Maxpein habang naglalakad papalapit sa sala. Gamit muli ang baseball bat ay binuksan ko ang lahat ng ilaw at nang magliwanag ay nakita kong nagkalat na ang mga gamit.

"*Yoboseyo*?" sa wakas ay sinagot ni Maxpein ang tawag ko.

"I think someone's inside my house, Pein." Iyon ang tanging nasabi ko. Ako rin ang kusang pumutol sa linya nang may maramdaman akong malamig at matigas na bagay sa batok ko.

"'Wag mo na subukang humarap. Magsisisi ka." Tinig iyon ng isang lalaki. **"Ganito akong bumisita, nakakakaba ba?"**

"Who the hell are you?"

"You don't want to know."

"What do you want?"

"Your soul."

"Take it," lakas-loob kong sinabi. Humalakhak ang lalaki. **"But before you do it, face me."**

Hindi ito tumugon. Naramdaman ko ang paglapit niya, pinananatili ang bagay na iyon sa batok ko. Ang mga mata ko ay natutok sa monitor ng TV, sinusuri ang repleksyon ng kabuuan niya bagaman malabo ko iyong nakikita. Naramdaman ko ang mainit niyang hininga sa aking pisngi at gustuhin ko mang umiwas ay naestatwa na ako.

"Siguraduhin mong hindi ka na manginginig kapag hinamon mo ako," pabulong niyang sinabi sa matigas na tinig. **"Hindi mo ako kakayanin. Hindi ka alisto."**

"Kunin mo na ang lahat nang kailangan mo."

"Pagbisita ang pakay ko."

"Para saan ang pagbisita mo?"

"Para lumihis kayo sa dinaraanan ko."

"Just get straight to the point! Damn it!" nanggigigil kong singhal. Wala akong magawa at iyon ang gumagalit sa 'kin.

Muli kong naramdaman ang hininga niya sa aking tainga. **"Pigilan mo ang pamilya mo sa pakikialam sa plano namin sa mga Enrile. Kung hindi ay patuloy kayong madadamay. Isang babala iyan para sa iyo, kaibigan, at isang beses ko lang iyang sasabihin. Sa susunod na pumasok kayo sa aming gulo, isa-isang mababawasan ang lahi ninyo."** Mahaba niyang sinabi.

Binaril niya ang TV, napayuko ako sa gulat. At bago pa man ako mag-angat ng tingin ay hindi ko na siya nakita. Natigilan ako, hindi ko naramdaman ang paglayo niya. Lalo na ang pagpatay niya sa mga switch ng ilaw.

Nanlulumo akong naupo sa sofa at tiningnan ang magulo kong bahay. *Who the hell was that?* Gusto kong ikahiya ang sariling kahinaan. Dahil sa kaba ay hindi ko yata naintindihan ang mga sinabi niya.

Natinag akong muli sa malakas na katok mayamaya. Wala akong inaasahang bisita. *Sino naman kaya ito?* Dahan-dahan akong lumapit, nagdalawang-isip pa bago iyon binuksan. Ginulat ko ang sarili nang mapagtantong si Heurt pala iyon.

*Damn! Nakahinga ako nang maluwang. "**Come in.**" Pakiramdam ko ay pinagpawisan ako.*

"Ayos ka lang ba, Maxwell?"

"Yeah, I'm okay," hindi ko alam kung tama bang isagot 'yon. "Good evening, what are you doing here?"

"Tinawagan ako ni Maxpein. What happened to you?"

Napabuntong-hininga ako. Siguradong nag-alala ang prinsesa ko. "It's a very long story, Heurt."

Dumeretso ako sa kusina at ipinaghanda siya ng tubig. Naramdaman ko ang pagsunod niya. Hindi ko naitago ang panginginig ng kamay. Hanggang ngayon ay naro'n pa rin sa 'kin ang nakapangingilabot na pakiramdam at pangamba.

Sinuyod ng tingin ni Heurt ang kabuuan ng bahay ko, sinabayan ko siya. Napapikit ako nang masulyapan ang magulo kong mga gamit. Nagkalat ang

mga throw pillow at ilang basag na picture frames sa sahig. Maging ang component ko ay nasira at nagkalat ang parte sa kung saan.

"Sabihin mo sa akin kung ano ang nangyari," humarap muli siya sa 'kin.

I sighed. **"May pumasok dito. Hindi ko kilala. Hindi ko alam kung ano ang gusto no'n at niloob ako."**

"Niloob? Ano ang nawala sa iyo?"

"Wala."

"Sigurado ka?"

Tumango ako saka itinuro ang hallway. **"Nakarating 'yong tao sa kwarto pero walang nawala sa 'kin maski ano."**

"Nakita mo ba kung sino iyon?"

Muli akong umiling. **"Hindi."**

Muling nanumbalik sa isip ko ang nangyari. Hindi ko naisip kailanman na posibleng mangyari sa 'kin ito dito mismo sa bahay ko. Ang bagay na 'yon ang gumagalit sa 'kin.

Pinasok ako sa mismong bahay ko. Tsk. **"Ang tanging natatandaan ko ay napakabilis niyang kumilos,"** wala sa sariling sabi ko nang makabalik sa reyalidad.

Tinitigan ako ni Heurt. **"Niya? Nag-iisa?" Gano'n kaimposible para sa kaniyang paniwalaan ang sinabi ko.**

Tumango ako. **"Bagay na hinangaan ko. Hindi ko akalaing posible para sa isang tao ang kumilos nang gano'n kabilis. Napakabilis. Hindi na yata iyon tao."**

"Ano ang pakay niya?"

"Gusto niyang 'wag tayong makialam sa mga Enrile."

"Ano?" kunot-noo niyang tanong, muli akong tumango. **"Kung ganoon ay may kinalaman sa mga Rewis ito?"**

Umiling ako. **"Iyon ay kung Rewis nga ang mga iyon,"** makahulugan kong sinabi, nagkatitigan kami.

Hindi ko kilala ang mga Rewis na iyon. At masyado kong binale-wala ang seryosong pag-uusap ng pamilya namin tungkol sa mga ito. Mukhang kailangan kong magsisi ngayon.

Dumating sina Chairman Moon mayamaya. Ikinuwento ko ang nangyari habang pinapanood ang mga tauhan naming linisin ang buo kong bahay.

DEIB'S POV

"Babe?" hinawakan ko si Taguro sa braso. Hindi ko alam kung ano ang nangyari sa kaniya bigla. Nag-aalala ako. **"What's wrong? Tell me,"** malumanay kong pakiusap.

Pilit ang ngiti siyang umiling. **"Nothing, I'm fine."** Hindi ako kumbinsido. **"I have to go somewhere."**

"Where?"

Nag-iwas siya ng tingin. "Babalik din ako."

"Alam kong babalik ka pero gusto kong malaman kung saan ang punta mo, Taguro. Sabihin mo sa 'kin kung ano ang nangyayari, nag-aalala ako. Hindi biro ang hitsura mo, Taguro."

"'Wag kang mag-alala," ngumiti siya. Pero hindi mawala ang pamumutla niya. **"Kailangan ko lang umalis sandali, babalik din ako bukas ng umaga—"**

"Maxpein," hinawakan ko ang pisngi niya, bumalik ang kaniyang pagkatuliro. *Something is wrong.* **"Please tell me what's going on."**

"Kailangan kong umuwi."

Natigilan ako. Nasisiguro kong may problema, ayaw niya lang sabihin sa 'kin. Hindi ko maiwasang mag-isip, kabahan at mag-alala.

"I'll go with you."

"Hindi na," binawi niya ang kamay. **"I can go by myself."**

"What?" tumaas ang boses ko. "Kung uuwi ka ay uuwi na rin ako. Tayong dalawa ang pumunta dito kaya sabay tayong uuwi."

"Hindi na, Sensui, masisira ang bakasyon mo. Nandito naman sina Eerah at Lovemir, sumama ka na muna sa kanila."

*Dati ay ayaw niyang makakasama ko ang babaeng 'yon pero ngayon ay mukhang ayos lang sa kaniya. Tch! Sabihin na nating nakipag-ayos na siya sa dalawa, pero iiwan niya ako sa mga 'to nang gano'n lang? Ha! "**No,**" asik ko. "***"I'm worried about you, babe."***

"You need to stay here. Please listen to me," kunot-noo, nagpapaintindi niyang sinabi. Nagtaka ako at nakita niya 'yon. "Mahihirapan tayong kumuha ng ticket. Ako na lang. Mas mapagbibigyan ako kung mag-isa lang."

"Bakit kailangan mong umuwi? Sabihin mo sa 'kin ang lahat ng dahilan."

Nag-aalala siyang umiling. "I running out of time, please understand."

"Babe..."

Nag-iwas siya ng tingin upang maiwasan ang pagtatanong ko. "May aasikasuhin lang ako. Hindi kasi nila alam na nandito tayo."

"What?" nagugulat kong asik.

Napabuntong-hininga naman siya. **"Hindi ako nakapagpaalam."**

"Ilang beses mong ipinaalala sa 'king magpaalam sa bahay tapos ikaw ay hindi? Tch."

"Oh, sige na, aalis na ako. Pagkatapos mong kumain ay pumasok ka na sa kwarto, ha? Tatawagan na lang kita kapag posible."

"Kaya mo bang umuwi mag-isa? Nag-aalala ako, Taguro."

"Wala namang mangyayari sa 'kin, ano ka ba? Kaya kong umuwi ng mag-isa, hindi mo kailangang mag-alala."

"Siguro ka?" Hindi ako kumbinsido. Hindi ko siya kayang hayaang mag-isa.

"Oo, babe, kailangan ko na talagang umuwi," lumapit siya at humalik sa pisngi ko. **"Finish your food, babe."** Muli kaming lumapit sa mesa. **"Aalis na muna ako at babalik din agad,"** paalam niya, nagtaka ang mag-asawa

"Saan ang punta mo sa ganitong oras ng gabi?" nakangiting tanong ni Lovemir.

"Kailangan kong bumalik sa Laguna—"

"What?"

"I really have to go now."

"Can I use your car so I could take her to the airport?" baling ko kay Lovemir.

Nagtaas siya ng kilay. **"Ako na ang maghahatid sa kaniya,"** prisinta niya, kumunot ang noo ko. **"Mas alam ko ang daan dito kaysa sa 'yo."** May punto siya kaya wala akong nagawa kundi ang bumuntong-hininga na lang.

Pero...ibig sabihin nito ay maiiwan ako kasama ang babaeng... iyan? Tch.

Nilingon ko si Eerah Anitha. Wala siyang kibo, nakatingala lang sa 'min. Nakakatuwang isipin na hindi man lang ako tinapunan ng tingin nito kahit pa nagsasalita ako.

"Sasama na lang ako, kung ayos lang?" sabi ko.

"Pero maiiwang mag-isa si Eerah," nilingon ni Lovemir ang asawa. Napabuntong-hininga ako. **"Sandali lang naman ako, kung ayos lang sa 'yo ay dito na lang kayo. Makakabalik din ako agad."**

"Deib, kailangan ko nang umalis," pabulong na sabi ni Taguro. Seryoso masyado ang mukha niya.

Napabuntong-hininga ako sa kawalang-magawa. **"Sige, mag-iingat ka at tawagan mo ako maya't maya kung pwede."** Lumapit ako at humalik sa labi niya, hindi ko inaasahang tutugunin niya 'yon. Pinigilan kong mangiti. **"I love you."**

"I love you," sinsero niyang sabi, nakatingin sa mga mata ko. Saka bumaling sa kasama. **"Tara?"**

"I'll be back." Hinawakan ni Lovemir ang braso ng asawa. Kataka-takang wala man lang naging reaksyon ito.

Sinundan ko sila ng tingin. Kung ano-ano ang pumapasok sa isip ko at hindi ko maiwasan ang mag-alala.

Kung may kinalaman man 'to sa pamilya ko ay sasabihan niya naman ako, 'di ba? Siguro ay may kinalaman sa pamilya niya dahil hindi siya nagsasalita. I hope everything is fine, babe.

Wala sa sarili kong tinawagan si mommy. **"Omo! Hello, baby!"** Nakahinga ako nang maluwang. **"How's your trip?"**

"Okay naman, mommy, maganda dito."

"Of course mas gumanda diyan dahil sa kasama mo?" tuwang-tuwang aniya.

Nasulyapan ko si Eerah na nilalaro ang pagkain. **"Syempre, parati naman akong masaya kapag si Taguro ang kasama,"** nakangiti kong sinabi habang tinatanaw ang grand piano na nasa gitna ng restawran.

Hindi ko alam kung dapat ko bang sabihin kay mommy na umalis sandali si Taguro. Panigurado kasing mag-uusisa siya at aalalahanin ang lagay ko ngayong mag-isa ako. Napagdesisyunan kong hindi na lang sabihin. Sa halip ay ikinuwento ko ang gala namin ni Taguro. Agad siyang nalungkot nang malamang wala man lang kaming picture doon.

Hindi malaman kung babalik pa ba ako sa mesa nang ibaba ko ang telepono. Di ko alam kung tatapusin ang pagkain o aakyat na lang sa kwarto. Tiningnan ko si Eerah Anitha na tulala pa rin, nakapaninibago.

Napabuntong-hininga ako at naupo muli sa harap niya. **"Hoy, ayos ka lang ba?"** tanong ko.

Nag-angat siya ng tingin sa 'kin at pilit na ngumiti. **"Oo naman, ayos lang ako."**

Noon ko lang naalalang hindi na ito ang unang beses na makita ko siyang ganito. Iyong una ay no'ng magtalo sila ni Lovemir at magbatuhan nang

mabibigat at masasakit na salita.

Siguro ay nag-away na naman sila. Tch. Hindi man lang niya kinausap nang maayos iyong asawa niya kanina. Grabe, ganito pala ang buhay may asawa.

"Kung nandito ang girlfriend ko ay hindi tayo pwedeng umalis nang hindi nauubos ang pagkain," nakangiting sabi ko. Hindi siya natinag sa pagkakatulala, ni hindi man lang ako nilingon. **"I'll finish my food and go back to our room, so I can't disturb you."**

"No," agad niyang tugon. **"Hindi ka nakakaistorbo,"** seryoso niyang sabi. **"At kung pwede ay samahan mo na muna ako dito?"**

"Samahan? Okay ka lang?" nagugulat kong tugon. Natigilan siya. **"Ibig kong sabihin, bakit pa kita sasamahan? Hindi ka ba makapag-isa?"**

"Sige, 'wag na lang," napapahiya niyang sabi saka muling nag-iwas ng tingin.

Tch. Ano ba ang nangyayari sa kaniya? **"Tapusin mo na lang ang kinakain mo kung gusto mo. Ihahatid na lang kita sa kwarto niyo."**

Gano'n nga ang ginawa namin. Matapos kumain ay tahimik kaming naglakad pabalik sa hotel room. Ngunit papalabas na sana kami ng elevator nang mawalan ng balanse si Eerah Anitha. Mabuti at naalalayan ko siya.

"Hey, are you okay?" nagugulat kong tanong.

"Yeah, I'm just tired," malamya niyang tugon.

Hindi siya tumingin sa 'kin at agad umayos ng tayo. Bahagya rin siyang lumayo sa 'kin.

Nakakapanibago talaga, nasanay ako sa pagpapapansin niya kapag nakikita ako. Ngayon ay masasabi kong hindi talaga siya ayos at mukhang malalim ang iniisip. Ganitong-ganito siya no'ng masaksihan ko ang pag-aaway nila ni Lovemir.

"Sana pala ay uminom tayo ng kahit kaunting wine," aniya na ikinabigla ko. **"Saan ba ang kwarto ninyo?"**

"Hindi ka pwede ro'n!" agad kong sabi.

Nabigla siya saka humalakhak. **"Iniisip mo bang pupunta ako ro'n para makipag-inuman sa 'yo? Hahaha! No way, Lohr."**

"Bakit ba Lohr ka nang Lohr?"

"Dahil iyon ang pangalan mo, hindi ba?"

"Deib ang nakasanayan kong tawag sa 'kin."

"Eh, di sanayin mo ang pandinig mo sa Lohr? At least, alam mong ako lang ang tumatawag sa 'yo ng gano'n," ngumiti siya.

Napabuntong-hininga ako. *Bumabalik na naman ang landi niya, sana ay hindi na lang siya nagsalita.* Okay naman sana si Eerah Anitha, mukhang mabait naman siya at hindi nangangagat. Ito lang ang ayaw ko sa kaniya, kahit hindi ko sabihin ay alam ko kung ano ang tawag sa pakikitungo niya sa 'kin. *Paglalandi. Tch.*

"Ngayon mo lang kasi ako ihahatid kaya tinatanong ko," dagdag niya nang hindi ako sumagot.

"Magkaharap lang tayo ng kwarto," nakangiwi kong tugon.

Nagulat siya. **"Talaga?"**

"Hindi mo ba alam?"

"Hindi."

"Tch."

"So alam mo kung saan ang kwarto namin?"

"Oo, nakita ko 'yong asawa mo no'ng isang beses, eh."

"Ah, talaga? Bakit hindi niya sinabi sa 'kin?"

"Malay ko," mapakla kong sabi, ngumiwi naman siya.

"Maaga pa, sana ay nag-stay na muna tayo ro'n."

"Saan?"

"Sa ibaba."

"Tch. Ano naman ang gagawin ko ro'n?" nabuburyo kong tanong. Batid kong nasa dulo kami ng hallway pero pakiramdam ko ay napakalayo no'n ngayon kung dati naman ay mabilis kong nararating elevator. *Bumabagal talaga ang oras kapag hindi masaya ang kausap. Tch.*

"I'll buy you a drink," nakangisi niyang sabi, kumunot naman ang noo ko. **"I need to wine a little to feel better, haha! Go ahead and change, we'll go back downstairs!"** lalong lumapad ang ngiti niya.

"Ayoko," nakasimangot kong tanggi.

"Come on!"

"I don't drink," pagsisinungaling ko. Ayaw ko lang talaga siyang makasama.

"It's not like we're going to drink every night, ano ka ba? Just for this night."

"No."

"Lohr?"

"'Wag ka ngang makulit? Ayaw kitang kasama, okay? Para ka pa namang aso na nauulul sa rabies kung dumikit," angil ko.

Natigilan siya at batid kong napahiya. **"Sorry. Gusto ko lang sanang may makasama. Kung may mayayaya lang akong iba ay hindi naman kita pipilitin. Hindi mo na kailangang sabihin na ayaw mo sa 'kin."** Nakangiti niyang sabi upang maitago ang pagkapahiya. **"I'm sorry. It's just that I'm not okay right now. And I wanted someone I can be with. Wala naman akong balak na manggulo sa inyo ng girlfriend mo lalo na sa iyo."**

It's obvious that she's not okay. Whatever her reasons are, I don't really care. Hindi magaan ang loob ko sa kaniya. Nag-aalinlangan na akong tulungan siya. Hanggang ngayon ay naaasar ako sa sarili ko dahil sa halik niyang ilang gabing nakapagpatuliro sa 'kin.

Tch. 'Yan ang hirap sa malalandi, eh, mahirap paniwalaan ang mga sinasabi. Totoo man o hindi. **"Sige, pero sandali lang, ah?"** naiinis kong sabi 'tsaka tinalikuran siya. Mabilis akong pumasok sa kwarto saka nakangiwing dumeretso sa kusina. **"Sabagay, mukhang bale-wala na rin naman sa kaniya 'yon. Siguro naman ay hindi niya na uulitin? Tch. Ayoko pa ring magtiwala, kakaiba ang kamandag niya,"** nandidiri kong sabi. **"Lalo na kung iinom siya mamaya. Tch. 'Wag naman sana."**

Nagpalit ako ng damit. Kung nasa Laguna ako ay paniguradong maliligo pa ako. Lalo na kung si Taguro ang makakasama ko.

Papalabas na sana ako nang may kumalabog sa veranda. Kabado at nagugulat akong napalingon. Masyadong madilim. Ang tangi kong nakikita ay ang repleksyon ng kwarto.

"Sino 'yan?" wala sa sariling tanong ko, kaunti na lang ay mauutal na. **"May tao ba diyan?"** Napaatras ako nang may muling kumalabog.

Parang may patalon na sumampa sa veranda. Binuksan ko muli ang mga ilaw. Wala lalo akong nakita kundi ang sarili. Ang lakas ng pakiramdam kong may tao ro'n at kasalukuyang nakatingin sa 'kin. Gusto kong lumabas sa veranda at alamin ang dahilan ng lagabog, pero nilalamon ako ng takot. Nananakit ang dibdib ko sa kaba. Wala akong nagawa kundi ang tumitig.

What the hell should I do? Halos panawan ako ng hininga. Si Taguro nang si Taguro ang iniisip ko. Kung sana'y nandito siya ay paniguradong hindi magiging ganito ang takot ko.

Pumunta ako sa kusina. Sa isip ko ay maghahanap ako nang matigas na bagay na pwedeng gamiting panghampas. Ngunit sa sobrang pagkatuliro,

hindi ko nagawang alisin ang paningin ko sa veranda. Pakiramdam ko ay may susugod sa 'kin mula ro'n sa sandaling gawin ko 'yon. Parang may nakatingin sa 'kin mula ro'n, pinapanood ang kilos ko at naghahanda, pinagtatawanan ang kaba at takot ko.

Sana ay mali ang hinala ko.

Dumampot ako ng kutsilyo. Agad kong inalaala ang mga natutunan kay Mokz. Pero nagtila dekada na ang lumipas dahil wala akong matandaan sa mga iyon ngayon. Binubura ng takot ang memorya ko.

Matagal bago ako naglakas-loob na lumapit sa veranda. Hinihintay kong may makikita akong kikilos doon. Ngunit halos tumakbo ako paatras nang may muling kalabog! Kinilabutan ako sa sobrang takot at naghabol ng hininga sa sobrang kaba. Nakakabaliw, gusto kong tumakbo palabas. Pero natatakot akong baka magmadali itong pumasok, habulin at maabutan ako. Napapraning ako, natutuliro at hindi ang gagawin.

Nanlulumo kong hinanap ang cellphone. Ngunit bago ko pa mahawakan iyon ay napatalon na ako sa magkakasunod na katok.

"Shit!" asik ko. Nanginginig akong bumaling sa pinto.

Awtomatikong nabawasan ang takot ko at kaba, maging ang kapraningang may nakatingin sa akin mula sa veranda. Napapabuntong-hininga kong binitiwan ang kutsilyo. Pinahiran ko ang pawis bago binuksan ang pinto. Tumambad sa 'kin si Eerah Anitha. Humugot siya nang pagkalalim-lalim na hininga bago ngumiti.

"Are you ready?" animong hinihingal pang tanong niya. Sunod-sunod na tango lang ang naisagot ko.

Mabuti na lang at pumayag akong sumama. Nakakahiyang katukin siya dahil takot akong mag-isa sa kwarto. Tsk!

Hanggang sa restawran ay hindi na nawala sa isip ko ang nangyari. Panay ang pag-iisip ko sa dahilan nang kalabog. Paulit-ulit kong tinatanong kung tao ba iyon? Masyadong mataas ang floor namin. Imposibleng hayop iyon. Hindi pa rin humuhupa ang takot ko at kaba.

Sana ay wala lang iyon.

Naisip ko si Taguro. Paniguradong kong kasama ko siya ay maglalakas-loob siyang tingnan iyon. Wala akong gano'ng lakas ng loob, duwag ako. Hindi ko tuloy lalo naiwasan ang mag-alala.

Sasabihin ko ba sa kanya? I-text ko kaya siya? Tsk. Hindi, 'wag na lang. Kahit hindi niya sabihin sa 'kin ay alam kong may problema kaya siya umalis. Baka makadagdag lang ako sa isipin niya at magmadali na namang

bumalik dito. Anong oras naman kaya siya babalik bukas? Natatakot akong mag-isa sa kwarto.

Lalo akong napaisip kung paano ako matutulog. Bukod sa mamahalin kong camera at laptop ni Taguro ay wala nang mahalaga sa kwartong 'yon.

Tch. Alangan namang humingi ako ng tulong sa Lovemir na 'yon? Baka sabihan niya pa akong bading!

"Ah, finally, a wine glass that fits my needs!" natinag ako sa lakas ng tinig ni Eerah. Wala pa rin ako sa sarili. Nakita ko siyang ngiting-ngiti sa hawak na wine glass.

"Baka naman malasing ka niyan? Wala akong balak na bitbitin ka pabalik sa kwarto niyo," nakangiwi kong sabi. Pero sa loob-loob ay hinihiling kong sana ay 'wag siya masyadong uminom para hindi kami agad bumalik sa kwarto. Sana ay maghinay-hinay siya.

"Hindi ako nalalasing sa wine." Tumawa siya. **"Beer, please!"**

"Tama na 'yang wine."

Hinawi niya ang kamay ko saka humalakhak. **"'Wag ka ngang KJ, Lohr? Ano ang mapapala ko sa wine?"**

"Ang sabi mo ay gusto mo lang uminom. Bakit kailangan mo pa ng beer? Malalasing ka."

"So you're concerned now?"

"Sa 'yo, hindi. Sa akin, oo," asik ko. Tumaas ang kilay niya habang nakangisi. **"Baka mamaya niyan ay ako pa ang pahirapan mong mag-akay sa 'yo paakyat sa kwarto."**

"Ano ka ba? 'Wag mo na muna kasing isipin 'yon. Sinabi ko sa 'yong gusto ko lang uminom. Don't worry, hindi kita pahihirapan mamaya."

"Tch. Siguraduhin mo lang na kaya mong umakyat mag-isa."

"Maraming tao na pwedeng tumulong sa 'kin dito in case na tumanggi ka," muli siyang tumawa saka kinuha ang beer na iniabot ng waiter. **"Benjamin Franklin says that beer is a proof that God loves us and wants us to be happy. Do you know that?"**

"Tch."

"Dahil sa langit ay walang beer kaya hinayaan na tayong uminom nito dito," lalo siyang tumawa, napailing na lang ako.

"Ano ba ang nangyayari sa 'yo at bigla kang nagyayang uminom?"

"I just need a break from life." Nakangiti siyang tumingin sa 'kin. Nilaro niya ang alak sa glass bago sumisim. Nanatili akong nakangiwi habang pinapanood siya hanggang sa muling magtama ang mga paningin

namin. **"I drink alcohol to drown my problems, unfortunately, problems are damn good swimmers!"**

"Kahit magpakalasing ka ay hindi mareresolba ang problema."

"I know. I want to forget, even just for a while, that there is a certain problem existing inside my head," mapait ang ngiting aniya saka sumeryoso. **"Drinking doesn't solve problems,"** tumingin siya sa 'kin at ngumiti. **"And so as crying."**

Tch. Masyadong malalim ang isang 'to, ano naman ang maitutulong ko? Wala akong nalalaman masyado sa kaniya at hindi naman ako interesadong makinig. Sa ngayon ay mas inaalala ko ang nangyari sa kwarto kaysa sa problema ng isang 'to.

MAX'S POV

HINAYAAN KO na si Lovemir ang makipag-usap sa crew. Alam niya ang kanilang lenggwahe. Kinuha ko naman ang pagkakataong 'yon para tawagan si Heurt. Pinakiusapan ko siyang puntahan si Maxwell.

"*Dius mamajes,*" dinig kong ani Lovemir sa crew.

"*Kanimu pa,*" nakangiting tugon ng babae.

"Ano raw?" pabulong kong tanong.

"Wala nang available na ticket, Maxpein," nag-aalalang baling sa 'kin ni Lovemir. **"Bukas pa raw nang umaga."**

Damn it! Nanlulumo kong tinanaw ang crew.

"Hindi kasi ito katulad sa Manila na makakakuha agad ng tickets."

"Hindi ba pwedeng by land?" nawawalan na ako ng pag-asa.

"Pwede pero hindi ka rin makakarating agad sa Laguna. Mas maganda pa rin ang eroplano." Tumitig siya sa 'kin. **"Pwede ko bang malaman kung ano ang problema?"**

"Wala," nag-iwas ako ng tingin. **"Tara,"** sinikap kong ngumiti para hindi na siya mag-usisa pa. Wala akong planong magsabi sa kaniya ng kahit na ano.

Hindi ko alam kung ano ang gagawin. Naiisip kong baka magkaro'n nang available na ticket pauwing Laguna. Meron ding nagdidikta sa isip kong balikan si Sensui. Bagaman iniisip ko si Maxwell ay hindi ko maitatangging panay rin ang pag-aalala ko sa kaniya.

Si Heurt na lang ang pag-asa ko...sana ay ayos lang ang kapatid ko.

Agad akong nag-text kay Heurt, pinakikiusapan siyang balitaan agad ako. Hindi ako mapapakali sa kahihintay sa isasagot niya. Kailangang malaman ko ang lagay ni Maxwell.

Gustuhin ko mang tawagan si Heurt ay naro'n si Lovemir. Para akong mabubuang kaiisip, sinasabayan 'yon ng kaba sa dibdib.

"Ilang taon ka na nga pala?" natinag ako sa tanong ni Lovemir. Noon ko lang namalayang nasa daan na kami pabalik. Parang hindi ko maalalang sumakay ako uli sa kotse niya.

"Disinuebe."

"Mabuti pinapayagan kayong lumabas nang solo?"

"Ikaw nga ay nakapag-asawa sa ganiyang edad, kami pa kayang nagse-celebrate at nagre-relax lang?" natawa ako.

Napailing siya. **"Hindi lahat sa ganitong edad ay pinagkakatiwalaan. Mabuti at legal kayo."**

Nagkibit-balikat ako. "Oo."

"To be trusted is a greater compliment than being loved," nakangiwing aniya. **"Bilib ako sa parents ninyo. Nakakainggit," ngiti niya. "Alam mong hindi maganda ang sitwasyon namin ni Eerah Anitha."** Hindi ko siya sinagot. **"It's hard to have someone in your heart, but can't have them in your arms."**

Hindi ko inaasahang dadaldal siya, naiinis ako na hindi ko maintindihan. Mabuti pa noong tatahi-tahimik lang siya at walang pinapansin. Ngayon ay parang napakarami niyang napapansin. Ang gusto ko lang ngayon ay makabalik sa hotel at tawagan uli si Heurt.

Ayos namang magtanong. Ayaw ko lang nang sunod-sunod. Masyadong matanong ang isang 'to. Puwera na lang kung kinikilala niya talaga 'ko. Tss. Paniguradong si Sensui naman ang bibira ng daldal pagbalik ko. Napakahirap mag-isip kapag umaandar ang bibig niya. Nakaka-distract masyado.

Mabilis kaming nakabalik ni Lovemir. **"Salamat,"** nahihiya kong sinabi. Ngumiti siya. **"Pasensya na rin sa abala."**

"You're welcome. Don't worry, everything will be alright."

Hindi na ako sumagot pa, at nauna nang pumasok. *Nandito pa kaya sina Sensui?* Dumeretso ako sa restawran at agad na inilinga ang aking paningin. Hindi ako nagkamali, nando'n pa si Sensui.

"She can really enjoy without me," dinig kong bulong ni Lovemir. Hindi ko naramdaman ang paglapit niya.

"May kasama naman kasi siya."

"Pero kung ako ang nasa lagay niya, kahit pa marami akong kasama ay hindi ko makukuhang magsaya."

"Gano'n yata talaga, walang taong pareho," pilit ang ngiting sabi ko saka kumaway sa waiter. **"Anong gusto mong inumin?"**

Ngumiwi siya 'tsaka ngumiti. **"Kung magpapakalasing tayo ay baka hindi natin maasikaso pareho ang dalawang iyon?"**

"Inom ang sabi ko, hindi lasing," pabiro kong sinabi.

"Ikaw ang bahala."

Isang bote ng tequilla ang in-order ko. Saka kami sabay na lumapit sa dalawa.

"Hi," bati ko.

Nanlaki ang mga mata ni Sensui nang makita ako. Nakakatuwang makitang nagniningning ang mga mata niya.

"Baby babe!" bulalas niya. Nawala ang ngiti sa labi ko.

Inakbayan ko siya. **"Okay ka pa ba?"** sinikap kong 'wag matawa. 'Ayun na naman kasi iyong nakakatuwang hitsura niya.

"Oo naman, yes, baby babe! My baby babe, my one and only baby babe!" pakanta niyang sinabi, nangiti ako. **"Saan ka nanggaling, baby babe?"**

"Dyan lang. Do you want to eat anything?"

"Busog na 'ko. Inuubos ko lang 'tong iniinom namin."

"Um-order pa ako."

"Bakit?"

"Para may mainom."

"Tch. Gusto mo lang akong lasingin, eh! Ikaw, baby babe, ah?"

"Tss, kahit matino ka naman ay para kang lasing," pabulong kong sinabi.

"Ano 'yon, babe?"

"Gwapo ka kasi," nakangiti kong sinabi.

"Hahaha, napansin mo rin 'yon, babe? Marami ang nakakapansin niyan pero hindi ko pinaniniwalaan. Ngayon ay naniniwala na ako dahil galing sa 'yo!"

"Okay." Nakangiti akong nagsalin sa baso at iniabot 'yon sa kaniya. **"Oh, inom pa." Ipinatong ko** ang bote ng tequilla sa gitna ng mesa.

Tahimik na uminom iyong mag-asawa habang panay naman ang kuda ni Sensui, bagay na inaasahan ko naman na. Syempre, nagkuwento siya nang nagkuwento at nakangiti naman akong nakinig. Kahit hindi ako interesado ay naaagaw niya talaga ang atensyon ko dahil sa ka-cute-an niya.

"How do you maintain happiness in your relationship?" bigla ay tanong ni Eerah. Nilingon ko siya.

"Aissh! Emo ka na naman!" tumawa nang malakas si Sensui habang nakaduro sa mukha nito. **"Sinabi ko naman sa 'yong kahit na sinong babae ay liligaya sa piling nang ganito kagwapong lalaki!"**

"Yeah, right. Gwapo rin naman si Lovemir pero bakit kaya hindi ako naging masaya sa kaniya?" Hindi ko inaasahan ang sinabi ni Eerah, mukhang gano'n din si Sensui. **"Relationships lasts long because two people make a choice to keep it, work and fight for it, Lovemir. One thing na parehong wala sa atin."** Tumawa siya at saka muling sumimsim sa sariling kopita.

Ganito lang ba talaga sila parati? Tss.

"You're drunk, Eerah," mahinang ani Lovemir.

"No, I'm not yet drunk, I'm still drinking," pabiro namang tugon ni Eerah. **"He left me,"** nakangiti ngunit mapait niyang baling sa 'kin. **"Without telling me a single reason, without telling me why. He left me and I have no other choice but to face my fears all by my fucking self."**

"Naguguluhan ako sa inyong dalawa." Ilang beses na itinuro ni Sensui ang mag-asawa, palipat-lipat habang tumatango-tango. Napakakulit. **"Iniwan mo raw siya,"** itinuro niya ang lalaki. **"Ngayong bumabalik siya ay ayaw mo na,"** itinuro niya naman ang babae. **"Magulo kayong pareho. Dapat sa inyo ay nag-uusap muna bago nakikipag-usap sa 'min ng baby babe ko."**

"Psh. Nag-aaway rin naman siguro kayo, 'di ba?"

"Oo. Pakiramdam ko nga ay mas matindi pa sa pinag-awayan ninyo ang naging tampuhan namin. Tch! Iniwan din ako nito noon, halos kalahating taon! Tapos bumalik na para bang ako pa ang may utang sa kaniya!" Nginiwian ako ni Sensui. Nag-iwas na lang ako ng tingin.

"Bakit mo siya iniwan?" baling sa 'kin ni Lovemir, ang lakas ng loob niyang magtanong.

"Hindi ko siya iniwan," tipid kong tugon.

Nilingon naman niya si Sensui na nakangusong bumaling sa 'kin. **"Anong hindi? Umalis ka, Taguro! Umalis ka!"**

"Pero hindi kita iniwan," inosente kong tugon. **"Umalis lang ako pero bumalik din. Hindi naman ako nakipaghiwalay sa 'yo, 'di ba?"**

"Oo nga! Pero nang-iwan ka pa rin!" sumbat niya. Naglapat na lang ang labi ko at napabuntong-hininga.

"Gano'n lang din ang ginawa ko," ani Lovemir. Nilingon ko siya pero nakatingin na siya sa asawa. **"Umalis lang ako at bumalik din. Hindi ako nakipaghiwalay sa 'yo, Eerah, ikaw ang may gusto nito."**

Tama si Sensui, nakakalito nga ang relasyon nila. Siguro ganito ang nararamdaman namin dahil hindi namin alam ang buong istorya.

"Ikaw ang may gustong maghiwalay tayo. Ikaw ang gumawa ng rason para maghiwalay tayo."

"Ugh! You think you can just come into someone's life, make them feel special—and then leave?" mabilis na nangilid ang mga luha ni Eerah habang tumatawa. Umiling-iling naman ang asawa. **"Masama bang magdesisyon para sa sarili ko kung nagawa mo nga iyon para sa sarili mo? Psh. Ikaw ang gumawa ng rason para tumatak sa isip kong minsan mo na akong iniwan. Hindi malayong mangyari uli iyon kaya hindi na kita binigyan pa nang pag-asang makipagbalikan. Hindi mo na mababago ang desisyon ko, magiging mahirap na ngayon para sa iyo ang gawin 'yon. Masyado nang mahirap."**

"Oo, dahil napakalaki ng pader na inilagay mo."

Napakamot ako sa ulo. Para akong naiipit sa dalawang barkong nagbabanggaan. Pakiramdam ko ay hindi ko sila naiintindihan pero ang totoo kahit papaano ay nauunawaan ko ang pinupunto nilang pareho. At para sa 'kin ay pareho silang may mali, pareho nga lang din nilang hindi matanggap iyon.

"Ikaw, Lohr? 'Buti binigyan mo pa ng pag-asa si Maxpein na bumalik sa 'yo? 'Buti hindi mo binitiwan ang relasyon ninyo?" sarkastikong baling ni Eerah. **"What keeps you from holding on?"**

Ngumiwi si Sensui bago ngumuso. **"Well, being faithful and loyal to your girlfriend should be a common sense. I honestly don't want to leave our relationship for a few faults. Nobody is perfect, no one is correct. And in the end affection is always greater than perfection. Mahal ko siya, iyon lang iyon. Bwahahaha!"**

Tumaas ang kilay ko at nilingon si Sensui. *Saan mo napulot 'yon gayong lasing ka na? Tss. Baby babe?*

Hindi na nakasagot pa ang mag-asawa. Tila may nakuhang ideya sa sinabi ng lasing kong boyfriend. Lahat kami ay tahimik nang nagpatuloy sa pag-inom.

Nang matapos ay parang wala man lang nangyari sa 'kin. Dahil sa sobrang lakas uminom ni Eerah, ang napunta sa 'kin ay iyong tira-tira.

Mabuti na lang at hindi ako pinahirapan ni Sensui. Masaya kaming nakabalik sa sariling kwarto. Syempre panay na naman ang nakakalokong biro niya.

"Saan ka nga pala nanggaling, baby babe?" tanong niya nang maiupo ko siya sa sofa.

"Doon nga sa airport."

"Bakit nga ba kailangan mo pang umuwi?"

"May titingnan lang sana."

"Emergency?"

"Hindi naman," pagsisinungaling ko.

"Eh, ano ang nangyari?"

"Sarado na ang airport," na lang ang sinabi ko para matahimik siya.

Ipinagtimpla ko siya ng kape. Nakangiti siya nang salubungin ako ng tingin. Iyong ngiti na namang parang kay Joker.

"Saan ka nga pala nanggaling, babe?" muling tanong niya.

King inang 'yan. Naglapat ang mga labi ko. **"Oh, kape,"** iniabot ko iyon sa kaniya.

"Saan ka galing, babe?"

"Sa kusina."

"Kanina no'ng umalis ka, babe."

"Hindi ba't sinabi ko nang sa airport?"

"Sinabi mo ba?" nakanguso niyang tanong. Napabuntong-hininga na lang ako. **"Babe, pagkatapos kong uminom nitong kape ay pwede na tayong mag-kiss, 'di ba?"**

Maling mali! Maling mali ang mga alak! Tsk! **"Sige,"** sagot ko na lang para matahimik siya.

Ngunit hindi ko akalaing dali-dali niyang lalaghukin ang kape. Napapamaang ko siyang pinanood. Matapos ilapag ang tasa ay pinunasan niya ang bibig, humarap sa 'kin saka ngumiti nang napakalawak. Iyong hindi ko na halos makita ang mga mata niya.

Grabe!

"Hey, kiss me," aniya na inguso ang mga labi. **"Or I'll kiss you?"** Hindi ko malaman ang isasagot. **"Okay, I'll kiss you,"** animong pagdedesisyon niya. **"Anytime you need a kiss, don't hesitate to ask me because I have one waiting for you. Always. Hehehe."**

Hindi ko na nagawang magsalita, tumanggi o kung ano pa man. Kinakabahan na naman ako. Parati na lang, sa t'wing mangyayari ito ay

nag-aagawan sa puwesto ang kaba at hiya sa kalooban ko. Nakakahiya dahil sa mga gawi at sinasabi niya. Nakakakaba rin dahil sa kaparehong dahilan. Kakatwang pakiramdam.

Ipinatong niya ang siko sa sandalan at humarap sa 'kin. Tumitig, kinagat ang labi, ngumisi at kumindat. Parang may nakakatuwang bagay, para sa kaniya, ang naglalaro sa kaniyang isip kaya niya 'yon ginagawa. Kunot-noo ko siyang sinamaan ng tingin. Kinagat niya ang dila at ngumisi.

"Ano ba ang nangyayari sa 'yo?" inis kong tanong.

Ngumuso siya. **"Galit ka na naman? Ayaw mo na namang magpahalik!"**

"Para ka na naman kasing nauulul na aso. Tss."

"Hehe, sa isip ko kasi ay gusto mo rin ng halik ko."

"Guni-guni mo lang iyan."

"Hindi, Taguro," nakangisi siyang tumango-tango. **"Gusto mong gawin ko kung ano ang nasa isip ko?"**

"Ha?" nagugulat kong tanong.

Lumapit siya at yumuko sa akin. **"I want you to kiss me."**

"Ayoko nga," nag-iwas ako ng tingin ngunit ibinalik niya iyon gamit ang isang daliri.

"Ayaw mo ba sa halik ko?"

"Ilang beses mo bang itatanong 'yan?"

"Sa t'wing tatanggihan mo ang halik ko," nakangiti ngunit seryoso niyang sinabi. **"Kiss me."**

"Ayaw ko nga."

"Sige na, Taguro! Hindi ako nakokontento nang nakikita ka lang ngayon! Gusto kong maramdaman ang labi mo sa labi ko," nagmamaktol niyang sabi. **"Please?"**

Napatitig ako sa mga mata niya at hindi ko napigilan ang tahimik na matawa. Hindi ko magawang maasar sa kakulitan niya. Sa sandaling iyon ay bahagyang nawala ang hiya ko, nagpalakas ng loob.

"Bakit ba ang hilig mong tumanggi sa 'kin, Taguro? Hindi naman sa naiinsulto ako pero pinapatagal mo ang bagay na gusto ko," lumapit siya sa 'kin, hinawakan ang mga kamay ko at sapilitan akong itinayo. **"Alam mo bang ang bagay na parati mong tinatanggihan ay mas lalo kong pinanggigigilan?"**

Sa sandaling iyon ay tila nawala ang epekto ng alak sa kaniya. Bagaman kasi nakangiti ay ramdam kong seryoso siya.

"Alam mo kasi iyong bagay na sumosobra? Iyon ang mga bagay na nakakawala ng disiplina," ngiwi ko.

"Magtiwala ka na lang sa puso ko, halik lang ang gusto nito," pabulong niyang sinabi saka sinunggaban ang aking labi.

Napalunok ako nang marahan niyang kagatin ang labi ko saka sunod-sunod na siniil. Sa sandaling iyon ay masasabi kong nanggigigil nga siya. Nararamdaman ko iyon sa humihigpit niyang hawak.

Agad na lumalim ang halik niya. At bago ko pa mapigilan ang sarili ay agad ko na iyong tinugunan. Kumalas ako at yumakap sa kaniya. Ang mga kamay niya ay naglandas papunta sa panga ko. Pilit niyang inilalapit nang inilalapit ang mukha ko, idinidiin ang labi ko sa kaniya.

Nagkamali ako nang isipin kong tapos na nang pakawalan niya ang labi ko. Habol ko ang aking hininga nang maramdaman ko ang mga halik niya sa pisngi ko. Muli akong nagkamali nang isipin kong paibaba na naman iyon sa leeg kaya sunod-sunod na naman akong napalunok.

Pero mukhang nag-eeksperimento na naman ang loko. Dumako ang halik niya sa tainga ko na nagdulot nang kakaibang kiliti sa katawan ko. Kinilabutan ako at wala sa sariling napaungol, napapikit ako sa sobrang hiya.

Bahagya siyang lumayo at nakangisi na nang magtama ang paningin namin. **"Disiplina, baby babe. Disiplina,"** mahina niyang sinabi. Naramdaman ko ang pamumula ng pisngi ko at kung pwede lang ay sinapak ko na siya.

Akma siyang lalapit muli nang pareho kaming matinag sa isang malakas na kalabog. Sabay naming nilingon ang veranda at pinakatitigan ang madilim na parteng 'yon.

"What was that?" pabulong kong asik. Hindi siya sumagot. Akma akong lalapit nang pigilan niya.

"'Wag, babe, baka kung ano ang meron diyan." Nagkandautal-utal siya.

"Titingnan ko—"

"Kanina pa may kumakalabog diyan, babe."

"Ano? Bakit hindi mo sinabi?" singhal ko.

"Umalis ka, babe."

"You should've called me, tsk."*At nakuha mo pang makipag-inuman?* Hindi na ako nakipagtalo.

Muli kaming nagulat nang lingunin ang veranda. Isang malaking anino na ang naro'n. Ilang segundo lang ay wala pa iyon doon. At bagaman iyon lang ang makikita ay mababatid na nakatingin ito sa 'min.

OceanofPDF.com

CHAPTER 189

DEIB'S POV

BIGLA AY nawala ang ispiritu ng alak sa sistema ko. Kung kanina ay maliyo-liyo ako ay nagagawa ko nang tumingin nang deretso ngayon. Sa sandaling 'yon ay nasiguro kong ang panganib ay parang demonyong nakasunod sa 'min. Kung kailan nakalimutan ko na nang panandalian ang mga nangyari.

Nawala sa isip kong dapat kaming mag-ingat dahil hindi pa nakikilala ang mastermind. Tsk. Kung bakit naman kasi bigla na lang sumusulpot ang mga ganito? Sa oras na hindi inaasahan parati! Parang alam nila kung paano kaming mahuhuli! Badtrip!

Natinag ako nang maglakad si Taguro papalapit sa pinto. **"Taguro..."** Hindi siya nagpatinag, hindi man lang ako nilingon. **"Umalis na tayo dito,"** sinikap kong bumulong. Ngunit dahil sa takot ay lumalakas ang boses ko. **"Taguro..."**

Sinenyasan niya akong manahimik, takot ang naitugon ko. Umaandar na naman ang ugali niyang sumusugod kahit gaano kadelikado ang sitwasyon. Sandali niyang pinagmasdan ang aninong nananatili sa gano'ng posisyon, nakaharap sa 'min. At saka siya humakbang pakaliwa, papalapit sa kahoy na posteng nasa tabi ko. Bagaman takot na takot ay pinanood ko ang kilos niya. Hindi ko rin itinigil ang pagsulyap sa aninong nakapangingilabot tingnan. Para kasi nitong pinapanood ang bawat kilos namin.

"Bibilang ako ng tatlo," bulong ni Taguro. **"Ipatay mo ang ilaw. Pupuntahan ko—"**

"Ano?" asik ko. Hindi siya sumagot, nanatiling nasa anino ang paningin.

Hindi agad ako nakakilos pero sa huli ay wala akong nagawa kundi ang sumunod. Nanginginig ang kamay ko nang iangat iyon, pinaglandas ang mga daliri sa poste para kapain ang switch.

"Isa..." Nagsimulang bumilang si Taguro. Napasinghap ako at napalunok. **"Tatlo!"**

Putsa! Sa gulat ay nagawa kong ipatay ang ilaw. At bago ko pa siya malingon ay nakatakbo na siya sa veranda. Walang takot niyang binuksan

'yon at gano'n na lang ang kaba ko nang matigilan siya.

Lumapit ako ngunit nabigong sumilip. Takot ako at hindi ako handang makita kung sino 'yon.

"Umalis na tayo dito," pabulong kong utos, halos manggigil sa inis.

Hindi niya ako sinagot. At sa halip ay kunot-noo siyang lumabas sa veranda. Bago ko pa man siya natawag ay nakalabas na rin ako at nagulat sa nakita. Sandali akong natigilan at napatitig sa nagmamay-ari ng anino.

What the hell?

Isa iyong standee, malaking standee. Hindi ko malaman kung matatawa ako o magagalit, naghalo ang nararamdaman ko. Nakatalikod iyon sa amin, tanging stand ang makikita.

Sinuyod ng tingin ni Taguro ang madilim na paligid ng hotel. Nang walang makita ay saka niya hinarap ang nakakalokong standee. Pinakatitigan niya iyon nang may magkahalong pagtataka at inis. Muli akong natinag nang lingunin ni Taguro, sandali kaming nagkatitigan.

Nagtataka akong lumapit at nagulat nang makita ang hitsura ng standee. **"Chairman?"** nauutal sa inis kong sambit na para bang sasagutin ako niyon.

Si Chairman Enrile ang nasa standee. Nakakaloko. Para kaming pinaglalaruan kaya paniguradong tatawa-tawa na sa dilim ngayon ang may pakana nito.

Hindi na iyon ang unang beses kong makakita ng standee ni Chairman. Madalas gamitin ang iba't ibang uri ng standee niya sa t'wing may okasyon kung saan isa siya sa mga malalaking sponsor. Bukod sa standee ay may mga tarpaulin pa siya. Gayunman ay bago sa paningin ko ang hitsura niya sa standee. Hindi ko maalala na may ganiyang picture pala ang Chairman. Iyong nakasuot siya ng puting hospital gown, may necktie at pink na long sleeves sa loob, at may stethoscope sa leeg. Bukod do'n ay may nakaangklang tatlo at may iba't ibang kulay na ballpen sa bulsa ng dibdib. May hawak na chart at labas na labas ang mga ngipin sa sobrang pagkakangiti. Kahit sinong makakita ay sasabihing isa siyang mabait na doktor.

"Bakit merong ganito dito?" Hindi ko naalis ang paningin sa standee. **"Sino ang nagdala nito dito?"**

Marami pang tanong ang hindi ko naisatinig. Batid kong gaya ko ay nalilito rin si Taguro. Hindi niya alam ang sagot sa mga tanong ko.

Bakit standee ni Chairman? Sino ang nagdala nito dito? Bakit alam niya kung nasaan kami? Bakit kailangang takutin niya kami?

Pareho kaming natahimik ni Taguro, napaisip nang malalim.

"Matulog ka na. Bukas nang umaga ay babalik na tayo sa Laguna," ani Taguro na siyang pumukaw sa atensyon ko.

"Sige," nagtama ang aming paningin.

Gusto ko sanang magalit dahil 'ayun na naman 'yong ugali niyang pipilitin kang maging normal matapos ang kakaibang pangyayari. Pero naisip kong hindi na tamang makipagtalo pa sa kaniya sa oras na 'to.

"Paano 'to?"

"Hayaan mo 'yan diyan. Baka balikan," nakangiwing aniya saka nag-iwas ng tingin.

"Paano kung hindi? Iuuwi rin natin sa Laguna?"

Paismid niya akong tiningnan. **"Hindi naman siguro kaikailanganin ng lolo mo 'yan, 'di ba?"** seryoso niyang tanong saka dumeretso papasok.

Nilingon ko muna ang standee bago sumunod. **"Who do you think did this, babe? At ano ang intensyon niya."**

Umiiling siyang humarap sa 'kin. **"Hindi ko rin alam."** Huminga siya nang malalim saka tinakpan ang bibig.

Malalim na naman ang iniisip niya, matindi ang pagkakasalubong ng mga kilay habang nakatingin sa kung saan.

"Sige na, matulog ka na. May gagawin pa 'ko," itinuro niya ang laptop.

"Anong gagawin mo?"

Tinapik niya ako sa balikat. **"Doon ka na sa kama matulog,"** itinuro niya iyon. **"Mamaya ay matutulog na rin ako."**

Lumapit siyang muli sa veranda at sinigurong naka-lock 'yon. Pumasok na ako sa bathroom at naligo.

May tao talagang sinadyang ilagay 'yon do'n para takutin kami. Pero ano ang dahilan niya para gawin 'yon? At bakit si Chairman ang ginamit niya? Dahil ba may ideya siyang takot ako sa Chairman? Tch!

Natigilan ako sa pagsasabon at napamaang. **"Ano naman ang intensyon no'n para ilagay 'yon do'n? Nakita niya ba ang ginagawa namin ni Taguro?"** nanlaki lalo ang mga mata ko. **"Tch. Pero sino naman ang gagawa no'n? Bakit kailangan niya kaming takutin sa ganitong paraan?"**

Hindi ko tuloy alam kung paano ko kakausapin si Taguro. Gusto ko pa sana siyang tanungin kanina pero nag-aalala akong baka magalit na naman siya. Alam kong gaya ko ay nalilito rin siya. Paniguradong kung ano-ano na naman ang iniisip niya.

Tsk. Nadagdagan ko pa yata 'yong problema niya. Napabuntong-hininga ako saka nagtuloy sa pagligo. **"Matalino si Taguro. Paniguradong nag-iisip na siya ngayon nang posibleng sagot sa mga katanungan at nangyayari. Mag-a-ala-Batman na naman siya. Tch."**

Napakamisteryoso na ng buhay ko sa pakiramdam ko. Iniisip ko pa lang ang sunod-sunod na insidente ay para na akong mababaliw sa takot.

Ano ba ang nagawa namin at kailangan naming makaranas nang ganito? Kailan ba babalik sa normal ang lahat? Gusto ko na nang tahimik na buhay. Tsk!

MAX'S POV

NILINGON KO ang banyo bago tinawagan si Maxwell. Nakahinga ako nang maluwang nang sagutin niya iyon.

"Kumusta ang lagay mo?" agad kong tanong.

"Ayos naman...siguro," alanganin niyang sagot.

"Nag-alala ako sa 'yo."

"Syempre, ikaw pa," mapakla ang pagtawa niya. "Akala ko nga ay darating ka."

Napabuntong-hininga ako. **"Pasensya na."**

"It's fine. Heurt is here, you don't need to worry."

"What happened?"

Inilahad niya ang buong pangyayari, unbelievable. Hindi ko halos nagawang magsalita, panay pakikinig. Hindi ko tuloy lalo naiwasang mag-isip nang kung ano-ano lalo pa at may nangyari rin dito.

"Let me talk to Heurt." Sinagot ni Heurt ang linya. Agad kong idinetalye ang nakita namin ni Sensui.

"Sa tingin ko ay nalalaman na nila ang mga hakbang natin," sa tono ni Heurt ay para bang sigurado na siya.

"Wala pa tayong ginagawa, ano ang malalaman nila?" kunot-noo kong tugon, naiinis ako.

"Mauutak ang mga iyon. Dahil kung hindi ay napatunayan na sana natin kung sino sila noong una pa lang, Maxpein. Nalaman nila panigurado ang mga plano natin sa kanila."

"Paano naman nangyari 'yon?"

"Iyan ang hindi ko masasagot ngayon."

"Darating kami diyan bukas nang umaga, mag-usap tayo."

"Hihintayin kita kung ganoon." Iyon lang at ibinaba na niya ang linya.

Nilingon ko ang pintuan. Animong tumatagos ang paningin ko hanggang sa pinto ng kwarto nang mag-asawa. *May kinalaman ba sila sa nangyaring 'to? Paano nila nagawa 'yon nang gano'n kabilis?*Imposible. Tiningnan ko ang kabuuan ng veranda pero wala silang mapapatungan. *Hindi kaya naro'n pa rin ang naglagay no'n no'ng nasa labas kami kanina?* Hindi ko naiwasan ang kabahan. Napalingon ako sa gawi ng veranda at muling pinanindigan ng balahibo nang makita ang anino.

Binuksan ko ang ilaw sa veranda. Binuksan ko rin ang bintana at talagang kinilabutan sa malamig na hanging sumalubong sa 'kin. Itinulak ko ang standee para hindi na makita.

TAHIMIK kaming bumyahe ni Sensui pabalik sa Laguna kinabukasan. Mabuti at nakisama siya, hindi masyadong dumada.

"Omo! Hello!" bumungad sa 'min ang magandang ngiti ni Mrs. Enrile.

"I missed you, mom!" Sinalubong siya ng yakap ni Sensui

Kinurot ni Mrs. Enrile sa pisngi ang anak saka bumaling sa 'kin. "Hello, Maxi, how are you?"

"Okay naman ho," nakangiti kong sagot.

"Kumusta ang trip to Batanes ninyo?" mapanukso niyang tanong. Hinayaan ko si Sensui na magkwento. Pero ilang saglit lang ay narinig ko na ang busina, at nasisiguro kong si Naih 'yon.

"Kailangan ko nang umalis," nahihiya kong sabi, sabay na nagbago ang aura ng mag-ina. **"Nagpasundo ako kay Naih, ihahatid niya ako sa mansyon,"** sabi ko kay Sensui saka bumaling kay Mrs. Enrile. **"My family is expecting me."**

Niyakap ako ni Mrs. Enrile. "Bumalik ka ulit kapag may time ka, okay?"

Tumang ako at nakangiting bumaling kay Sensui. **"Mauna na muna ako. Ite-text nalang kita—"**

"Text lang?" Natural, hindi kontento si Sensui doon.

"Tawagan mo na lang ako," sabi ko.

"At ako pa talaga ang tatawag?" singhal niya. Umirap ako. **"Pulubi!"**

"Deib Lohr?" saway ng ina.

"Tch. O sige, tatawagan kita. Pagkauwi mo ay i-text mo 'ko para tatawagan kita."

"Okay." Nginiwian ko siya.

"Ihahatid kita sa gate," prisinta niya saka kumindat-kindat sa kaniyang ina. **"Babe, alam mo ba..."** Panimula niya habang naglalakad kami papalabas.

Syempre hindi siya makokontento sa katahimikan bago ako umalis. Nakangiwi ko siyang hinarap. **"Ano 'yon?"**

"Narinig ko kanina sina Eerah Anitha at Lovemir na nag-aaway," bigay na bigay niyang kwento. Napabuntong-hininga na lang ako. **"Base sa mga narinig ko ay mukhang galit si Lovemir. Kahit nagtataray 'yong asawa niya ay sumasagot siya. Hindi ba't kapag nagtataray si Eerah Anitha ay walang kibo kadalasan 'yong kaklase mong baduy? Kanina no'ng narinig ko sila, parang kaunti na lang ay pwede na silang magdemandahan."**

"Alam mo ikaw? Kalalaki mong tao napakatsismoso mo," asik ko.

Ngumuso siya na parang bata. **"Narinig lang, eh!"**

"'Yon na nga, eh. Ang hilig mong makinig sa usapan ng iba, eh, hindi ka naman kasali," inis kong sabi. Lalo siyang ngumuso. **"Ugaling-ugali mo 'yan, Sensui."**

"Ngayon ko lang naman sila narinig na nag-usap, ah!"

"Oo nga. Pero ilang beses mo nang ginawa 'yang pakikinig sa usapan ng iba. Hindi lahat ng bagay ay kailangan mong malaman, Sensui."

"Ano nga ang magagawa ko, eh, naririnig ko, Taguro?"

"Hindi ka ba pwedeng umalis na lang at 'wag nang makinig?" Sinamaan niya ako ng tingin. **"Ang sabihin mo ay gusto mo 'yang ganiyang nakakasagap ka ng tsismis. Tss. Alis nga diyan, bading!"**

"Ang yabang mo, ah!"

"Oh, bakit? Hindi ba?"

"Kasalanan ko bang marinig ko sila?"

"Hindi. Pero kasalanan mong pakinggan pa lahat," mapakla kong sinabi. Sumimangot siya. **"Uuwi na nga ako, magte-text na lang ako sa 'yo."**

"Bakit ba nagmamadali ka?"

"Kasi may aasikasuhin ako," muli ko siyang hinarap. Sumimangot naman siya. **"Kapag hindi na 'ko busy ay tatawagan kita."** Hindi siya sumagot at sa halip ay lalong sumimangot at pinagsalubong ang kaniyang

kilay. **"I love you."** Sinikap kong maging malambing. Nagpigil siya ng ngiti. **"I love you, baby babe,"** pinagkadiin ko ang mga huling salita.

"Hi, Sensui!" kumakaway na salubong ni Naih. **"Hi, hambog!"**

"Bakit ang bilis mo namang dumating, Parrot?" singhal ni Sensui.

"Dahil marami akong gas! Grabe! Tatlong araw na kayong magkasama, bitin ka pa rin?"

"Because we love each other! Tch! Parrot!"

"Hay, naku, Sensui! Stop me!"

"Sandali lang," senyas ko saka muling bumaling kay Sensui. **"Magkita na lang uli tayo sa school. Salamat sa pagsama sa Batanes. Sana ay nag-enjoy ka kahit papaano,"** nakangiwing sabi ko.

"Oo naman," ngumiti siya nang todo. **"Hindi mo alam kung gaano mo 'kong napasaya. Dinala mo pa 'ko ro'n kahit pwede namang simpleng celebration lang. Makasama nga lang kita ay parang nagse-celebrate na rin ako, bwahaha! Halatang patay na patay ka tuloy sa 'kin."**

Oo na lang. Tsk tsk. **"Sige na, baka hinihintay na nila 'ko kanina pa."**

"Take care, babe."

"Salamat. Magpahinga ka na."

"Psst!" muling tawag niya. Nababagot naman akong lumingon. **"I'm in love with you! Hehe!"**

"Bye," kumaway na lang ako saka siya tinalikuran.

"Grabe, first monthsary?" pang-aalaska ni Naih, nakangiwi habang tinatanaw si Sensui. **"Aalis na kami, wala kang pakialam!"** sigaw niya rito saka pinahaharurot ang sasakyan paalis. **"Kumusta naman kayong mga in love? Hehehe."**

"Ayos naman." Swabe ang pagpapaandar ni Naih kaya naman tinapik ko ang balikat niya. **"Bilisan mo, baka bulyawan ako ni Mokz."**

"Grabe, kararating mo lang, ah? Hindi pwedeng magpahinga?"

Hindi ko na siya sinagot. Panay pa rin kasi ang pag-iisip ko. Gusto kong malaman ngayon pa lang kung ano ang pag-uusapan namin. Mabuti na lang at nakisama ang traffic, mabilis kaming nakarating sa mansyon. At gaya nga nang inaasahan ko ay nasa service area na ang lahat maliban kay Maxrill. Nakakahiya man ay hindi ko na pinatuloy si Naih. Pinakiusapang umuwi na at hintayin na lang akong makauwi.

"Where the hell have you been?" inis na bungad sa 'kin ni Maxwell. **"You're late."**

"Sorry," tumango ako sa lahat.

"Saan ka nga ba nanggaling?" tanong ni Chairman.

"Sa Batanes, Chairman."

"Ano ang ginawa mo roon?"

"Nag-celebrate ng anniversary namin ni Deib Lohr," nahihiya kong sinabi.

Nagtiim ang bagang niya saka bumuntong-hininga. **"Paano kung may nangyari palang masama sa kapatid mo kagabi, hindi ka namin maaasahan?"** simple ang pamamaraan niya nang pagtatanong, lalo akong kinabahan. **"Huwag mo na uling gagawin na umalis nang walang pasabi, Maxpein."**

"Sorry, Chairman." Nakamot ko ang ulo.

Muling inilahad ni Maxwell ang nangyari sa bahay niya. Nang matapos siya ay hindi na ako nag-atubiling ikwento ang nangyari sa 'min ni Sensui na siyang ikinagulat at ipinagtaka nila. Hindi ko ipinakita ang kaba at takot, sinikap kong maging kaswal sa pagsasalita para hindi na mapagalitan pa.

"Bakit hanggang doon ay nakarating sila?" hindi makapaniwalang ani Mokz.

Napailing ako. **"Hindi ko alam."**

"Kung ganoon ay talagang pati tayo ay puntirya na nila?"

"Hindi ko masabing oo. Kasama ko si Deib Lohr kaya hindi ko alam kung para ba 'yon sa 'kin o sa kaniya," sagot ko. **"Kasama ko ro'n 'yong babaeng Rewis at ang asawa niya."**

"Ano?" nabigla si Mokz. **"Kung ganoon ay mali ang hula natin,"** nilingon niya ang lahat bago muling tumingin sa 'kin. Nagtaka ako. **"Ang pinaghihinalaan naming pumasok sa bahay ni Maxwell ay ang asawa ng babaeng iyon."**

Kumunot ang noo ko. *Si Lovemir?* Umiling ako. **"Hindi, imposible,"** paniniguro ko. **"Coincidence ang pagkikita namin sa Batanes. At nang tumawag sa 'kin si Maxwell ay kaharap ko siya mismo habang kumakain,"** hindi ko maipaliwanag ang kaba.

"Kung gano'n ay mali nga kami," hinimas-himas ni Mokz ang kaniyang noo na para bang nanakit bigla iyon.

"Kaklase ko ang asawa ni Eerah," sabi ko habang nakatingin sa kung saan, kunot na kunot ang aking noo sa sobrang pag-iisip. Pilit kong hinihimay ang iilang pagkakakilanlan sa kanila. **"Kung talagang ang mga Rewis ang may pakana nito, bakit wala man lang akong maramdamang kakaiba sa kaniya?"** doon ko lang sila tiningnan, tutok

ang atensyon. **"Wala akong maramdamang kakaiba kay Lovemir. Natural ang mga kilos niya at hindi nagmamatyag sa akin. Bukod do'n ay masyadong malayo ang pangangatawan niya ro'n sa lalaking naka-motor at parating naka-helmet."**

Inalala ko ang tindig ng lalaking iyon na siyang may kagagawan sa mga pangyayari sa parking lot ng BIS. Hindi ako pwedeng magkamali. Sa taas pa lang ay hindi hamak nang lamang ang misteryosong lalaki.

"At kung talagang ang asawa niya ang may pakana nito, bakit kailangang pati siya ay takutin?" nagtama ang paningin namin ni Heurt. **"Minsang sinugod si Eerah Anitha ng mga misteryosong lalaki. At nasisiguro kong ang mga 'yon din ang nanggugulo ngayon."**

"Masyado silang mapaglaro kung gano'n," ani Mokz, tumikhim bago uminom sa tasa ng kape. **"Nahulaan na nila ang mga ginagawa natin."** Tumingin siya sa 'kin 'tsaka bumuntong-hininga. **"Mahirap din magbintang sa ngayon. Malakas ang loob ng mga Rewis na magpakita sa telebisyon. Handa rin silang makipag-ugnayan sa batas. Hindi imposibleng nagkakamali lang tayo ng hinala. Lalo pa at kulang ang ating ebidensya laban sa kanila."**

"Wala rin akong makitang dahilan para pagbintangan sila," kaswal kong sinabi.

"Sa ngayon ay ipagpatuloy mo na lang muna ang pagbabantay sa mga iyan. Mahirap na at baka masalisihan naman tayo."

"Paano 'yong pumasok sa bahay ni Maxwell?"

"May bodyguards na roon," huminga nang malalim si Mokz 'tsaka nilingon ang kapatid ko. **"Panigurado namang iyong mensaheng iniwan lamang ang kaniyang pakay. Bukod doon ay wala na siyang gagawin. Nais niya lang na matakot ang kapatid mo para makarating ang mensahe sa ating lahat. Nais nilang huminto tayo sa pangingialam sa mga Enrile."**

"Sa tingin ko ay pahuhupain na naman nila ang pangyayaring ito nang hindi lang isa kundi mga ilang linggo," sumabat si More. **"Gaya nang ginawa nila noong mga nakaraan. Lalo na ngayong nakabantay ang mga pulis. Mananahimik sila, saka na lang muling aatake kapag walang nakabantay."** Huminga siya nang malalim. **"Binibigla na lang tayo sa mga pagkilos nila."**

"Bukod sa atin ay wala nang iba pang naghihinala sa mga Rewis. Walang naniniwala kahit ipabalandra nila ang pamilya sa balita.

Tahimik na nakikisama sa kanila ang mga Echavez, Gozon, Yanai at higit ang mga Enrile. Tayo ang nakikita nilang sagabal sa anumang mga plano nila," dagdag ni Mokz.

Hindi agad natapos ang pag-uusap na 'yon, matagal at inabot ng hapunan. Madilim na nang ihatid ako pauwi sa apartment.

Aaminin kong may hindi pa rin ako maintindihan. Siguro ay dahil hindi ako kumbinsido. Kung ako ang tatanungin ay labas kami sa gulong iyon. Ang habol namin ay ang pag-atake nila sa pribado naming teritoryo. Ang inaalala pa nila ay iyong isla, kung saan ikinasal sina Randall at Dein Leigh, na paniguradong natunton din ng mga ito. Hindi imposibleng nakamasid na sila sa 'min mula doon at saka kami niratrat nang makabalik sa hotel.

"Pumasok ka na muna," baling ko kay Maxwell.

"Hindi na. Salamat."

"Pwede kitang samahan sa bahay mo kung gusto mo."

Tumingin siya sa 'kin, nag-aalinlangan. **"Paano kung itong mga kaibigan mo naman ang puntahan?"** mahinang tanong niya. Napaisip ako. **"Kaya ko ang sarili ko, nandiyan ka naman kung kailanganin ko ng tulong."**

"Pasensya na talaga. Makakaasa ka sa 'kin, lalo na ngayon."

"Pasensya na rin kung napagalitan ka kanina nang dahil sa 'kin."

"Wala 'yon, hindi kasi ako nakapagsabing aalis," napakamot ako sa ulo. **"Hindi naman na 'ko aalis. If you need help, don't hesitate to do what you did yesterday."**

"Tsh. 'Yong ilang beses na tumawag hanggang sa sagutin mo?" mapakla niyang tugon, muli akong napahiya. **"Biro lang. Basta, mag-ingat ka."**

"Mag-ingat ka rin."

Lumapit siya at yumakap sa 'kin. **"I'll see you around." Tinanaw ko siya palayo.**

Agad kong isinantabi ang lahat ng isipin. Syempre, nagpakwento si Naih. Nagulat siya nang malamang nando'n din 'yong mag-asawa. Panay na naman ang pagbubunganga niya tungkol kay Eerah at mapait na papuri kay Lovemir. Ang kagandahan ng Batanes ang ibinida ko at hindi binanggit ang pangit na nangyari.

"Ate! Ilipat mo sa balita, dali!" mayamaya'y palahaw ni Naih.

"Anong meron?" taka kong tanong saka humigop ng kape.

"Basta, manood na lang tayo!" animong excited na aniya.

Tumayo ako sa likuran ng sofa kung saan nakaupo ang magkapatid. Itinuon ko ang paningin sa telebisyon ngunit hindi no'n lubos na maangkin ang buo kong atensyon. Kasabay nang paghigop ng kape ay ang patuloy kong pag-iisip. Nasa akin na 'yong pakiramdam na para bang parating may nakabantay at nakamasid, pinapanood ang bawat kilos na gagawin ko. Hanggang ngayon ay binabagabag ako nang isipin patungkol sa nangyari sa 'min ni Maxwell. Hindi ko lubos na maisip kung papaanong nangyari sa 'min ang dalawang magkaibang bagay pero parehong nakakatakot at nakakakaba.

Ano ba ang ginawa ni Chairman Enrile para mangyari ang bagay na 'to? Hindi ko maintindihan.

"'Ayan na siya! Oh, my god! Oh, my god!" napukaw nang bulalas ni Naih ang atensyon ko. Doon ko lang uli nilingon ang telebisyon.

Nagtaka ako nang makita sina Kim at Lee ro'n. **"Ano ang ginagawa nila diyan?"** wala nang sumagot, abala sa panonood.

In-interview ang magpinsan at talagang kahanga-hanga ang pareho nilang dating. Lalong gumuwapo sa mamahaling damit si Lee Roi at mas gumanda naman si Kimeniah sa magarbo at itim na bestida. Mukhang may kinalaman ang interview sa business ng pamilya kung saan sila ang parehong modelo ng mga produkto. Nakakabilib ang kaliwa't kanang sigawan ng mga audience dahil sa paghanga. Hindi ko alam na sikat na pala sila ngayon.

Hindi nagtagal ang interview ng limang minuto, sandali lang pero parang napakatagal dahil sabik na 'kong makapag-isip muli.

"Ang gwapo ni Lee, 'di ba? 'Di ba? 'Di ba?" pangungulit ni Naih. Humikab ako. **"Grabe, artista na ang boyfriend ko!"** aniya na nakahawak sa parehong pisngi at namumula. **"Mukhang mas sisikat pa siya. Kinikilig ako kapag naiisip kong ako ang girlfriend niya!"**

Nilaghok ko ang natitirang kape. Sa sandaling 'yon ay naiisip kong sana ay hindi na lang natapos ang pambubuyo sa 'min sa school. Mas gusto ko ang katahimikan no'n kaysa sa mga nangyayari ngayon. Hindi ko maintindihan bagaman napakalinaw nang mas delikado ang bagay na 'to.

Kaya naman naming kalimutan ang trespassing na ginawa nila. Pero kung ganitong malapit sa 'min ang mga taong ginugulo nila ay hindi namin maiwasang hindi makisali. Nahihirapan ako.

"Right, Max?" Gulat akong napalingon kay Yaz. Wala akong narinig sa nauna niyang sinabi bukod do'n.

"Hehe, ano 'yon?" nakangisi kong tugon.

"Oh! Lutang na naman!" ani Naih. **"Sinabi nang kumain, eh! Isip nang isip! Ano ba ang inisiip mo?"**

"Wala."

"Wala raw..." Nakangiwi niya akong tinaasan ng kilay. **"Ano ang nangyari sa Batanes at umuwi kang tulala, Maxpein? Ano ang nakapagpapatulala sa Batanes?"**

"Tss. May iniisip lang."

"Alam ko! Kahit hindi ka magsabi, basta salubong 'yang mga kilay mo ay nag-iisip ka—nang malalim!"

"'Wag ka ngang maingay."

"May inililihim ka sa 'kin, eh."

"Marami," nakangisi kong sinabi.

"Oo, ganiyan ka naman, eh! Psh!"

"Magsitulog na nga kayo, may pasok pa kayo bukas," sabat ni Yaz.

Pumasok na ako sa kwarto bago pa uli umandar ang bibig ni Naih. Lutang akong nag-ayos ng gamit at naligo. Nang makahiga sa kama ay doon ko lang tinext si Sensui. Ilang saglit lang ay tumawag na ito.

"How's my baby babe?" bungad niya. Naglapat agad ang labi ko. **"Nami-miss na kita, babe."**

"Ako rin."

Humagalpak siya ng tawa. "Inaasahan ko na 'yan, Taguro. Ano pa nga ba?"

"Tss."

"Anong ginagawa mo?"

"Katatapos ko lang maligo. Nagpapatuyo lang ako ng buhok at matutulog na. Kumain ka na?"

"Tapos na, babe. Nakaligo na rin ako at nakahiga. Syempre, hindi nabawasan ang kaguwapuhan—mas nadagdagan pa nga."

"Okay. Matulog na tayo."

"Tch," angil niya, paniguradong nakasimangot na naman siya. **"Babe..."**

"Oh?"

"Nami-miss ko ang yakap mo."

"Tss. Kailan naman kita niyakap?"

"Wow! Kagabi lang ay sobrang higpit nang yakap mo, hindi mo na agad matandaan?"

Hindi, dahil abala ang isip ko ngayon sa mga pangyayari. **"Okay,"** ang tanging naisagot ko.

"Inaantok ka na ba, babe? Parang wala ka nang ganang makipag-usap sa 'kin."

"Medyo. Napagod ako."

"I'm also sleepy." Humikab siya. "Sabay tayong mag-lunch bukas, ah?"

"Sige. Bye," iyon lang at ibinaba ko na ang linya, natawa matapos kong maisip na paniguradong nakabusangot siya.

Nakatulugan ko ang pag-iisip. Mababaw akong nakatulog. Kaunting kibot at kaluskos ay nagigising ako at nagmamasid. Nakakapraning.

DEIB'S POV

TCH! Kahit kailan! Gusto ko pa naman sanang mag-I love you! Nakakainis! Gusto kong batukan ang cellphone ko nang ibaba ni Taguro ang linya.

Eksakto namang bumukas ang pinto at bumungad ang nakangiting si mommy. Napansin ko agad ang bitbit niyang tray, napanguso ako.

"Yieee! Dinalhan ka ni mommy ng gatas, baby!"

"Tch! Ayaw ko na niyan, mom! Malaki na 'ko!"

"Kahit malaki ay umiinom ng gatas, baby," inilapag niya ang tray at inabot ang baso sa 'kin. **"Come on, drink it."**

Nakasimangot akong bumuntong-hininga at kinuha 'yon. **"Ito na ang huling gabing iinom ako ng gatas, mommy, binata na 'ko."**

"I know. Sige na, uminom ka na, anak."

"Ayaw ko na ng gatas, mommy," nakasimangot kong sabi.

"Pampatibay 'yan ng buto."

"Masyado nang matibay ang mga buto ko, hindi ko na kailangan nito." Sinimulan ko iyong inumin.

Sumama ang tingin ko nang makita ang magandang ngiti ni mommy habang inuubos ko ang laman ng baso. Umakto akong uubo-ubo matapos.

"Tsk. Ang pangit na ng lasa niya, mommy!"

"Then what do you want to drink aside from milk?"

"Wala, mom!"

"How about Milo?"

"Ayaw ko no'n. Tubig na lang ang iinumin ko. 'Yon ang favorite ni Taguro kaya 'yon na rin ang favorite ko."

Ngumiwi siya, nagtatampo. **"Oh, ang sabi mo ay kukwentuhan mo ako? Bakit hindi ka na nagkwento?"**

"May pasok pa ako bukas, mom."

"Kahit kaunti lang, baby?" aniya na isinenyas pa ang kamay.

Ngumuso ako saka ngumisi nang may maalala. **"I kissed her, mom."**

"Omo! Talaga?" excited na namang tugon niya.

Nakangisi naman akong tumango. **"I kissed her here,"** itinuro ko ang labi niya. Natutop ni mommy ang sariling bibig na animong kinikilig. **"Hehe! Ang galing-galing ko, 'di ba?"**

"Yieee! Ano ang reaction ni Maxi?"

"Ha!" ngumisi ako at nagpa-cute. **"Syempre, kilig na kilig siya, mom! Sabi niya, *more*!"**

"Omo! Yieee!"

"I also kissed her here," itinuro ko ang kaniyang labi. **"Dito, dito,"** itinuro ko ang kaniyang pisngi at panga. **"At saka dito at saka dito,"** itinuro ko ang kaniyang leeg. **"Bwaha—"**

"Deib Lohr!"

Nagulat ako sa pagtataas niya ng boses. Agad akong napanguso nang makita ang masama niya nang tingin.

"Bakit, mommy?"

"What did you say?" hindi makapaniwalang aniya.

"Are you mad?" nakanguso kong tanong. **"Alright, let me kiss you, too—"**

"No!" pinigilan niya ako gamit ang parehong kamay. **"Anak..."** Tumayo si mommy, umayos ako ng upo. Iniharap niya sa 'kin ang kaniyang hintuturo, napapikit pa bago muling nakapagsalita. **"Why did you do that?"**

"What, mommy?"

"That kiss."

Napaisip ako. **"Lagi ko naman siyang kinikiss, mom..."** Nagsimula akong kabahan. Pakiramdam ko ay galit siya at hindi ko mahulaan ang dahilan. *Kanina naman ay tuwang-tuwa siya nang sabihin kong hinalikan ko si Taguro. Tch.*

"Hindi mo dapat iyon ginawa, Deib Lohr," mariing aniya, hindi ko maintindihan. **"You said you kissed her—"**

"Yes," sinikap kong 'wag ipakita ang inis. **"What's wrong with that?"**

"Here—you kissed her here!" aniya na itinuro ang sariling leeg.

"Well...yes," nakamot ko ang noo. **"But it was just a normal kiss, mommy. You don't need to get mad."**

"Normal kiss?" iba na talaga ang timbre ng boses niya, hindi natural. Pinagkrus niya ang mga braso. **"You're too young for that, Deib Lohr. May mga bagay na hindi dapat ginagawa sa ganiyang edad at relasyon ninyo,"** pinagkadiinan niya ang bawat salitang sinabi. Hindi ako nakasagot. **"Huwag kang magsimulang mag-experiment, baka ikapahamak ninyong pareho iyan. Hindi ka na dapat pang humigit do'n, do you understand me?"**

"Mom—"

"Do you understand me?"

"Yes, mom," agad kong sagot, ngumuso at nagbaba ng tingin. *Tch! I don't understand her.*

"Go ahead and slee, may pasok ka pa bukas," mabilis siyang lumapit at humalik sa pisngi ko. **"Goodnight."** Tinapunan niya lang ako ng tingin saka lumabas.

Nakanguso akong tumitig sa pinto. Patuloy na iniisip kung ano ba ang masama sa ginawa ko hanggang sa makatulog.

Napabalikwas ako ng bangon nang tumunog ang alarm kinabukasan. At nagulat nang makita ang oras.

Damn it! Bakit walang gumising sa 'kin?

Halos tumakbo ako papunta sa banyo at naligo. Matapos kong magbihis ay agad akong bumaba at dumeretso sa kusina. Si mommy agad ang napansin ko. Gusto kong magmaktol nang hindi man niya ako lingunin gayong alam niyang bumaba ako.

"I'll go ahead, I'm late," malakas kong sinabi. Sina daddy at Manang lang ang lumingon sa 'kin.

Lumapit ako at humalik kay daddy. Lalapit na sana ako kay mommy nang bigla siyang humarap sa 'kin.

"Aray!" natalsikan ako ng itlog na nasa kawali pa. **"Mom? Papasok na ko—"**

"Mag-ingat ka," malamig na aniya. Inilapag ang hawak at saka humalik sa pisngi ko.

Gusto ko pa sanang magsalita pero tinalikuran niya na ako. Nakabusangot akong umalis. Maging sa pagmamaneho ay hindi ko naitago ang lungkot. Hindi ko kasi inaasahan na hanggang umaga ay gano'n pa rin

si mommy. At paniguradong iyong napag-usapan namin kagabi ang dahilan no'n.

Naging abala ako buong umaga. Panay ang buntot ko sa kaklaseng si Eric, ipinagtabi niya ako ng modules at syllabus.

Nang mag-lunch break ay nag-text at tumawag ako kay Taguro ngunit hindi nakatanggap ng sagot.

Anong oras na, ah?

Kalahating oras na lang ang natitira para makapag-lunch. Napahawak ako sa tiyan kong nagrereklamo saka sinubukan uling tawagan si Taguro.

"Babe," agad niya iyong sinagot matapos ang isang ring. **"Sorry, hindi ako makakasabay sa 'yong mag-lunch, may experiment kami."**

"Paano ka makakapag-lunch niyan?"

"Ako nang bahala, hindi ako magpapagutom. Kumain ka na rin diyan."

"Oo, sige, sasabay na lang ako kina Lee at Tob."

"Sige, ibaba ko na, ah? Marami talaga akong gagawin."

"I love you—" Hindi ko na natapos ang sasabihin dahil ibinaba niya na ang linya. Nakasimangot kong tinawagan si Tob. **"Sabay tayong mag-lunch."**

"Sige, 'dre! Papunta na kami ni Lee sa canteen," iyon lang at ibinaba na nito ang linya.

Pagbaling ko ay nalingunan ko si Eerah Anitha. Napansin kong tahimik siya kanina sa klase, wala sa sarili. Wala siyang kibo, kulang ang sigla habang nagkaklase, malayo sa katauhan niya noong una.

Nilampasan ko siya at dumeretso sa canteen. Masaya akong nakipagkwentuhan kina Lee at Tob, wala na naman akong tigil sa katatawa.

"Si Superman nasa bigscreen na!" biro ni Tob.

"Oh, paano?" nagugulat at natatawa kong tanong.

"Ay! Wala 'to, 'dre, hindi tunay na kaibigan. Hindi siya nanood no'ng teleserye ninyo ni Kim kagabi."

"Tsh. Loko," natatawang ani Lee. **"Interview lang 'yon sa balita tungkol sa family business. Maganda si Kim at sobrang gwapo ko naman kaya naisip nilang kami na lang ang pakinabangan bilang models."**

"Sobrang gwapo? Namputsa! Ang sabihin mo—business is business, 'dre, dyan kayo makakatipid! At bukod do'n ay paniguradong may market na agad kapag kayo ang ginamit na models, dahil kilala na

kayo sa Laguna at mga kalapit na lugar. Marketing strategy ang tawag diyan."

"'Wag ka nang kumontra, Hapon. Hindi namin kailangan ng abogado."

"Putsa, artista ka na, 'dre?" natatawa kong sabi.

Ikinuwento ko sa kanila ang nangyari sa 'min sa Batanes. Syempre inuna ko 'yong masasaya bago iyong nakakatakot. Nagulat sila at gaya ko ay panay rin ang pagtatanong.

Napasarap kami sa kwentuhan kaya pare-pareho kaming muntik nang ma-late sa panghapong klase. Nando'n na ang propesor nang pumasok ako. Napansin ko na naman si Eerah Anitha bago ako maupo sa sariling silya. Kung dati ay nakangiti akong sinasalubong ng tingin nito, ngayon ay nakayuko na lang siya at nagkukutkot sa arm chair. Hindi ko na iyon pinansin pa at nakinig na lang sa klase.

Syempre dahil may kinalaman na naman iyon sa Science, kahit anong tuon ko sa aking atensyon ay may mga hindi pa rin ako maintindihan. Kaya nagmadali akong kumuha ng module para may mabasa pag-uwi sa bahay.

Pabalik na sana ako sa sariling silya nang mabundol ko si Eerah Anitha. Hindi naman iyon kalakasan pero nabigla ako nang mawalan siya ng balanse. Agad ko siyang inalalayan.

"I'm sorry, are you okay?" pabulong kong tanong.

"I'm sorry," wala sa sarili niyang sinabi saka kumalas sa pagkakahawak ko na para bang diring-diri. Kunot-noo ko siyang nasundan ng tingin habang kumukuha nang sariling module.

"Tch." Bumalik ako sa sariling silya, itinuon sa module ang atensyon.

"We will be discussing about the Reproductive System," anang propesor. **"This has something to do with our topic for the whole week." Matapos ang discussion ay nagsimula ang recitation**. **"How about you, Miss Rewis?"** Hindi tumugon ang babae, natahimik ang buong klase. **"Miss Rewis?"** Hindi pa rin sumagot si Eerah Anitha.

Inilapag ng propesor ang hawak na marker at humalukipkip, masama ang tingin sa gawi namin. Nilingon ko si Eerah Anitha. Tulala ito at nilalaro ang pink na ballpen sa parehong kamay.

"Hoy," pabulong kong tawag, parang wala itong narinig.

"Miss Rewis!" nangibabaw ang tinig ng propesor at doon pa lang ito nag-angat ng tingin. **"Are you with us?"**

"Yes, sir, I'm sorry, sir," halos pumiyok na ani Eerah Anitha.

"You are not listening to me."

Namutla ang babae na siyang ipinagtaka ko. **"I'm sorry."**

"Sir," nagtaas ako ng kamay. **"Medyo mahina 'yong boses ninyo, hindi masyadong dinig dito,"** pagsisinungaling ko.

"You should've told me earlier. Kanina pa ako dada nang dada rito," galit niyang sinabi saka nagpatuloy. Nawalan na ito ng gana sa pagtatanong hanggang sa matapos ang klase.

"Thank you kanina," ani Eerah, pareho kaming nasa locker area.

"Wala 'yon," saka ko siya nilingon. **"Bakit ba parang wala ka sa sarili? Nag-away na naman ba kayo ng asawa mo?"**

"Hindi. Ayos lang ako," tipid ang ngiting aniya. Nagmadali siyang isinara ang sariling locker saka isinabit ang mamahaling bag sa balikat. **"I'll go first. Bye."**

Nakangiwi ko siyang sinundan ng tingin 'tsaka ako nagpatuloy sa ginagawa. Pagkasakay sa kotse ay sinubukan ko uling tawagan si Taguro habang tinatanaw ang parking niya. Wala na ro'n ang kaniyang motor na nakita ko kaninang umaga.

Siguro ay nakauwi na siya. Tch. Hindi man lang nagsabi.

Inis kong in-start ang kotse at nagmaniobra. Ngunit agad akong natigilan nang may humarang sa likuran ng kotse ko dahilan upang hindi ako makaatras. Tanging ang itim at leather nitong jacket ang nakikita dahil masyado siyang malapit sa compartment ko. Tiningnan ko ang magkabilang gilid. Wala namang daraang sasakyan para humarang siya sa 'kin. Kunot-noo kong ipinatay ang makina saka bumaba.

"Excuse me?" tawag pansin ko sa lalaking nakatalikod sa gawi ko.

Hindi agad ako nilingon nito. Nanatili siyang nakatalikod habang nakapamulsa sa suot na leather jacket. Bahagya ko pang ipinagtaka ang itim din na helmet nito na maaaring naging dahilan kaya hindi niya ako narinig.

"Hey, excuse me!" mas nilakasan ko ang boses. **"You're blocking the driveway,"** maayos kong sinabi. **"Pare—"**

Hahakbang na sana ako papalapit nang mapansin ko ang ilan pang lalaki na papunta sa gawi namin. Mga naka-helmet din at pawang nakaitim na jacket. Bigla akong kinabahan, pakiramdam na pamilyar na sa 'kin pero parang bago nang bago.

Ano na naman ang ibig sabihin nito?

Umatras ako, mula sa likuran ay kinapa ko ang bukasan. Hindi ko man nakikita ang mga mata nila ay batid kong mga nakatingin sila sa 'kin. Gusto

kong magsisi. Bakit ba hindi ko naisip na sila rin iyong umaatake sa Chairman?

"What do you want?" bagaman kabado ay sinikap kong 'wag mautal.

Walang sumagot. Parang mga robot na naglakad ang mga ito papalapit sa 'kin.

"Ano ang..." Kusa akong natigilan nang tumunog ang cellphone ko. *Taguro!*

Nabuhayan ako ng loob, nawala ang takot sa pag-asang may darating para sa 'kin. Ngunit agad akong nanlumo nang makitang si Eerah Anitha iyon. Wala sa sariling sinagot ko ang tawag at muling ibinalik ang paningin sa mga lalaking papalapit.

"Lohr, leave that place—now!" pasigaw niyang sinabi na siyang nakapagpakabog sa dibdib ko.

Awtomatikong kumilos ang katawan ko at nagmadaling pumasok sa kotse, siyang naging hudyat sa mga lalaking iyon para magmadali. Binuksan ko ang makina at binale-wala ang lalaking nakaharang sa likuran. Sinadya kong atrasan ang lalaki. Bagaman nakaiwas ay hindi niya iyon inaasahan kaya natamaan ko pa rin ang kaniyang hita dahilan kaya tumimbawang siya lupa. Nang paandarin ko ang sasakyan ay wala nang nagawa ang mga lalaki kundi ang magbigay daan sa 'kin. Basta ko na lang itinapon sa kabilang seat ang cellphone at nagmadaling magmaneho.

Napaungol ako nang maramdaman ang kakaibang sakit sa aking dibdib, para agad akong mababaliw. Salitan ang mga kamay ko sa manibela at sa dibdib. Ang aking paningin ay salitan ng sulyap sa rear at side mirror saka itinutuon sa daan.

"Damn it," impit kong sabi habang nasasaktan.

'Ayun na naman iyong pag-atake ng dibdib ko. Iyong sakit na nambibigla, nakakapanghina. May pagitan, lumalakas, sobrang sakit.

OceanofPDF.com

CHAPTER 190

MAX'S POV

"SA WAKAS, pasado tayong lahat!" ani Migz nang matapos ang klase. **"Nahirapan ako!"**

"Mm, nahirapan ang bakla," banat ni BJ na itinuro ang mukha nito. **"Extra rice agad 'yan, 'te!"**

"Tigilan mo 'ko, ah!" singhal ni Migz. Nagtawanan kami.

Sa daan papunta sa locker area ay nakasalubong namin si Maxrill. Gaya nang nakasanayan ay hinahabol ito ng mga kaklaseng babae at inaabutan ng pagkain.

"No nuggets, no love!" ani Maxrill. Natawa ako. Sa estado ng utak ng kapatid kong 'to, walang babaeng uubra.

Nakahalukipkip ko silang pinanood. "Girls! Girls!" Inawat ni Naih ang mga babaeng humahabol sa kapatid ko. **"Tapos na ang klase, ha? Tigilan niyo na 'yan."** Pumagitna siya sa mga ito at hinawi papunta sa kaniyang likuran si Maxrill. **"Wala pa sa isip ni Maxrill ang love-love na 'yan, stop him."**

"Eh, ate, gusto ko lang naman sanang ibigay sa kaniya 'to kasi alam kong mahilig siyang kumain."

"Ayaw kasi yata niya ng noodles ngayon, baka nagsawa na," pabulong na sinabi ni Naih, nahihiya para sa iniasal ni Maxrill.

Nalungkot ang pinakamagandang babae. **"Galing pa naman 'tong South Korea, ipinabili ko kay daddy para sa kaniya,"** anito habang nakalabi at nakatingin sa hawak na Korean noodles.

"Oh, siya, siya, amin na at ako na ang magbibigay, ha?" naaawang ani Naih, na-excite ang mga estudyante. Napailing ako. **"Oh, Maxrill, kunin mo na."**

"No." Pinagkrus ni Maxrill ang mga braso.

Lakas ng karisma ni loko, isip-bata naman. ***Good luck, Naih. Tss.***

Nag-iwas ng tingin si Maxrill nang ipilit 'yon ni Naih. **"No. I don't eat noodles here in school."**

"Eh, di sa bahay mo kainin? Ipaluto mo."

"No. I only eat here."

"Eh, di dito mo kainin?"

"No. No. No. No. No!"

"Grabe kaarte naman nito!" singhal ni Naih, sinimangutan siya ni Maxrill. **"Oh, eh, di ipaluto mo sa bahay bukas at baunin mo dito tapos doon mo sa classroom kainin, king ina!"**

Nanlaki ang mga mata ni Maxrill bago ngumuso. **"Mr. Ciufan won't allow me."**

"Pero nagdala ka nang isang buong cake at kinain 'yon kaninang afternoon break, right?" anang kaklaseng babae nito. **"So pwede ka ring kumain ng noodles inside his class for sure. Hindi naman nakakatanggi si Sir Ciufan sa 'yo, Maxrill."**

He did that? Seriously? Napailing ako. **"Hey,"** baling ko sa kapatid, nginusuhan agad ako nito. **"You have to come with me, sa mall tayo magdi-dinner sabi ni daddy. Bilisan mo nang kumilos para makauwi ka agad at matapos ang lahat ng assignments mo."**

"I answered all the questions correctly, no assignments for Maxrill Won," tugon nitong imuwestra pa ang kamay sa pagtanggi.

Hindi ko na siya sinagot. Sinenyasan ko ang mga babaeng umalis na at tigilan ang kapatid ko. Ayaw ni Maxrill nang kinukulit siya, buong araw masisira ang mood niya. Pero kapag siya naman ang nangungulit ay talagang hindi tumitigil hangga't hindi nasasaktan o nasisigawan.

Hanggang ngayon ay napakaisip-bata, tss. Kailan ba tatanda ang utak niyan? **"Sumabay ka na sa 'min,"** mayamaya'y sabi ko matapos isara ang locker. **"How's your studies?"** tanong ko nang maglakad kami papalabas ng school.

"Quite impressing, I'm always the highest," aalog-alog ang ulong aniya.

"Ikaw rin ang pinakamakulit?"

"I'm not makulit, *Noona*. I'm cool," aniya na sumenyas pa ng rock 'n roll sa kamay.

"Mauna na kami, 'te!" paalam ni Migz na naro'n agad ang sundo pagkarating sa parking lot.

Sandali kaming nagpaalaman bago ako bumaling kay Maxrill. **"Nasa'n ang sundo mo?"**

"They should be here now." Iginala niya ang paningin at kasabay nang panlalaki ng mga mata ay ang pagngiti. Nakita niya ang pinakamamahal

niyang yaya na siya ring parati niyang kaaway. **"There you are!"** lumapit ang yaya sa kaniya at kinuha ang kaniyang gamit.

"Magkita na lang tayo sa mall diyan, naghihintay na sila sa 'tin."Pinanood ko siyang sumakay sa kotse. **"Sumama ka na sa 'min,"** anyaya ko kay Naih.

"Naku, hindi ba nakakahiya 'yon, Max? Dinner niyo yatang pamilya 'yon, eh?"

"Simpleng dinner lang naman 'yon, walang pag-uusapang importante kaya nasa labas kami," nakangiting sabi ko. Excited naman siyang tumango.

Sa daan papunta ro'n ay saka ko lang naalala si Sensui. Gusto kong mapakamot sa ulo nang maalalang hindi ko man lang nagawang tingnan kung naro'n pa ang kotse niya. Maging ang cellphone ko ay hindi ko pa rin natitingnan.

Ilang saglit lang ay pare-pareho na kaming nasa mall. Habang naglalakad ay doon ko lang natingnan ang cellphone, walang text si Sensui.

Busy siguro, tatawagan ko na lang mamaya.

Pinagtitinginan kami ng ilan habang naglalakad. Ang mga soloista ay masama ang tingin habang ang mga may kasama ay sasamaan kami ng tingin saka bubulong sa katabi. Maging ang mga nasa likuran ay nakahabol ng tingin. Nakakapagtaka.

Ano ang meron sa mga tao ngayon? Inakbayan ko si Maxrill.

"Pansin mo, pinagtitinginan tayo?" mayamaya'y bulong ni Naih. Hindi na ako sumagot. **"Siguro sa 'kin sila nakatingin?"**

"Bakit naman?" inosente kong tugon.

"Feeling ko lang, ah? Siguro ay nakita nila si Lee sa TV! Syempre, sumisikat na si Lee kaya sumisikat na rin ako. Lalo na ngayong magiging model na ang boyfriend ko? Naku! Feeling ko pinagtitinginan nila tayo dahil alam nilang ako 'yong girlfriend ni Lee!"

Ngumiwi ako. "Guni-guni mo lang 'yan, Naih."

"Psh! Baka bukas-makalawa ay mabasa na ni ate sa pahayagan—*Nobya ng modelong si Lee Roi Gozon, namataan sa mall kasama ang kaibigang hambog!* Kinikilig ako!"

Sa halip na sagutin siya ay tumuloy ako sa restawran. Sabay kaming tumango ni Maxrill, magiliw na bumati si Naih. Masaya ang pamilya kong makita siya, tuloy ay natagalan bago kami nakapagsimula sa hapunan.

Maraming pagkain ang nakahain, naro'n din ang lahat. Inaasahan ko nang simpleng dinner lang talaga 'yon at wala nang ibang dahilan. Dahil gaya nang sinabi ko kay Naih ay hindi sila magyayang kumain sa labas kung may importante kaming pag-uusapan. Gusto lang siguro ng Chairman na gawin uli namin ito dahil naging madalang.

Gaya ng dati ay kumustahan sa pag-aaral habang kumakain kami. Pare-pareho kaming naglalaan ng oras para sumagot sa tanong ng mga magulang. Wala kaming ginawa kundi ang pagtawanan si Maxrill. Panay kasi ang kwento ng yaya nito tungkol sa madalas nitong pagkain sa loob ng klase. Na kadalasang inirereklamo ng lecturer, lalo na ni Chupan. Matagal nang matakaw si Maxrill. Hindi namin maintindihan kung bakit mas tumakaw pa siya nitong nanatili na sa Pilipinas. Mabuti sana kung tumataba, kaso hindi. Kitang-kita ang tuwa't saya sa mga mata ng Chairman habang nakikinig sa usapan ng lahat.

"Eh, si Gonza, kumusta?" mayamaya'y tanong ko kay Heurt.

Hindi niya 'yon inaasahan, sandali siyang nagulat. **"Ayos naman siya."**

"At ang iba mo pang anak?"

"Maayos na rin ang lagay ni Dainty, lalo na si Bree."

"Sana ay makapag-aral na rin si Dainty sa susunod na taon. Silang dalawa nitong si Maxrill Won ang magsama," ani Mokz, ngumuso agad ang kapatid ko.

Gabi na nang matapos kaming kumain. Hanggang sa palabas ay nagtatawanan pa rin kami. Syempre pa, ang pinakamalakas na tawa ay iyong kina Mokz at Naih lalo pa at pareho silang alaskador. Mukhang hindi naman mainit ang ulo ni Maxwell dahil panay rin ang tawa. Wala nang bahid ng pag-aalala dulot nang nangyari kamakailang gabi lang.

"Oh, *kyeopta*!" mayamaya'y bulalas ni Maxrill na siyang pumigil sa pagpapalaman ng lahat habang nasa parking lot.

Sabay-sabay naming nilingon at pinagtawanan ang pagiging isip-bata niya. Nakatingin si Maxrill sa isang tuta na mukhang naligaw sa ng parking lot. Krema ang kulay, may tagpi-tagping kulay tsokolate.

"Can I touch him, *Hyung*?" imbes na tumingin sa 'kin ay bumaling si Maxrill sa kuya niya. Alam niyang hindi siya uubra sa akin.

"No."

"Can I come near him?"

"No."

"Can I talk to him?"

"I said, no, Maxrill," kunot-noong ani Maxwell, naiinis.

"Can I bark?" sarkastikong ani Maxrill, nang-aasar at naiinis.

"'Wag ka na ngang makulit? Baka may rabies 'yan."

"But he's so cute!"

"All puppies are cute, Maxrill, get in the car," masungit na ani Maxwell.

"*Noona*, I want to become a dog!" baling ni Maxrill sa 'kin. Sinamaan ko lang siya ng tingin. **"Hey, *kang ahji*! Hey!"** ani Maxrill na pilit na pinalalapit ang tuta.

"Woi, tigilan mo na 'yan, umuwi ka na," sabi ko nang hindi siya matinag sa pangungulit sa tuta. Ang mga matatanda ay natatawang pinanood lang siya.

"Ang kulit ng kapatid mo, grabe," ani Naih.

"Nakakain na naman kasi ng tsokolate."

"Ah, pareho pala kayo kapag nakakakain ng tsokolate, 'no? High na high, hehehe."

"Tss, tara na nga," anyaya ko, nagpaumunang sumakay sa motor. **"Mauna na kami,"** malakas kong paalam, nakangiti namang tumango ang lahat sa 'kin.

Natatawa kong inilingan ang kakulitan ni Maxrill sa side mirror habang papalayo kami ni Naih. Na siya ring naging dahilan para hindi ko mapansin ang pagharurot ng isang puting van pasalubong sa 'min! Agad akong napaiwas upang mapagbigyan ang daan sa gitna kung saan ito biglang dumaan. Nagpatuloy ako sa pagmamaneho.

Nang muli kong sulyapan ang side mirror ay nakita ko kung paanong nagulat ang pamilya ko sa pagharurot ng puting van sa gawi nila. Napaiwas ang pamilya ko, nakaprotekta agad sa Chairman. Tuloy ay naiwan si Maxrill na sinamantala naman ang sandali para damputin ang tuta, napakainosente. Nakamaang niyang nilingon ang pamilya habang nakamaang na hinahaplos ang tuta. Wala siyang pakialam sa paligid, ang mahalaga ay magawa niya ang gusto.

Napahinto ako nang may makitang umibis sa van. Awtomatiko akong napalingon nang mapanood kong damputin ng mga lalaking pawang may takip ang mukha at naka-jacket na itim si Maxrill!

Damn!

Umusok ang gulong ko sa madulas na aspalto nang bigla kong paikutin ang motor pabalik sa kanila! Agad na kumabog sa kaba ang dibdib ko,

nanginig agad ang mga kalamnan ko. Lumamig ang hangin nang bilisan ko ang pagtakbo.

"Max!" nadinig kong tawag ni Naih pero hindi ko na siya nilingon pa. Sinenyasan ko siyang tumabi at 'wag sumunod.

Agad na nagkagulo ang mga Moon at mangilan-ngilang taong nakakita. Halos makaladkad si Maxwell nang pigilan niya ang pagharurot palayo ng van. Maswerte ang may ari ng van sapagkat libreng-libre ang malawak na kalsada kaya malaya silang nakalayo. Ngunit hindi ako pwedeng magpatalo. Iba ang galit ko pagdating sa pamilya, lalo na sa mga kapatid ko.

Kasabay ng kaba ay ang buwis-buhay na pagmamadali kong habulin ang van na 'yon. Napapraning sa kaiisip kung ano ang kasalukuyan nilang ginagawa ngayon kay Maxrill.

Kapag may nangyaring masama sa kapatid ko ay magkalintikan na!

Mula sa salamin ay natanaw ko ang pagharurot ni Maxwell, halos maabutan ako nang paliparin ang kaniyang kotse. Ngunit sadyang napakabilis ng van, mahigit sa isang dipa ang layo ko ro'n sa takbong isandaa't kuwarenta. Gusto kong kuwestiyonin ang makina ng van, imposibleng mahigitan ang mamahaling sasakyan ni Maxwell Laurent.

Nagpatuloy ang habulan, ilang minuto kaming naghabol nang umalulong sa di kalayuan ang mga sirena ng pulis. Paniguradong naagaw namin ang atensyon ng mga ito dahil sa mabilis na pagmamaneho. Ngunit sa sitwasyon 'yon ay mas makababuti ang gano'n.

Ilang saglit pa ay nagpang-abot na kami ni Maxwell, panay ang lingon namin sa isa't isa habang pareho ring sumusubok na maabutan ang napakabilis na van. Hindi kapani-paniwalang kasabay nang panginginig ng kalamnan ko ay ang lakas ng loob para sa ganitong kabilis na pagmamaneho.

"Damn it, Maxwell, bilisan mo!" pasigaw kong sinabi bagaman alam kong hindi niya ako maririnig. Ngunit sadyang napakabuti ng langit, lumiko ang van sa gawing alam kong paliko-liko ang daan.

"Sa tollgate!" dinig kong sigaw ni Maxwell. Kamalas-malasan namang hindi ko nakuha ang ibig sabihin no'n.

Gaya nang inaasahan ay naging mas mabagal na ang van dahil sa kurbadong daan. Ngunit gaya nila ay naging mabagal din ako dahil hindi imposibleng maaksidente ako kapag nagmadali ako. Pero nagtiwala ako sa

motor ko, halos lumapat ang katawan ko sa aspalto sa t'wing liliko ako sa kurbado.

Maswerteng nakatyempo si Maxwell. Sa kabila nang makipot na kalsada ay nagawa niyang masingitan ang van kaya nakarating siya sa unahan nito! Agad niyang tinapakan ang silinyador, pinangunahan ang van at huminto may ilang dipa mula rito! Walang nagawa ang van kung hindi ang huminto, mababangga niya si Maxwell kapag nagpatuloy sila. Mas binilisan ko pa upang maabutan sila. At hindi pa man ay nakita ko nang bumukas ang van, isa-isang nagsipaglabasan ang mga nakaitim na lalaki at padarag na hinila papalabas si Maxrill.

Nagpatuloy ako sa pagmamaneho hanggang sa ilang dipa na lang ang layo ko sa mga ito. Sa isip ko ay nais kong iparating sa kanilang babanggain ko sila ngunit bago ko pa man magawa iyon ay pabato nilang itinulak si Maxrill!

Halos umangat ang likuran ng motor ko nang bigla akong prumeno! Mababangga ko si Maxrill kung magpapatuloy ako. *King ina!* Hindi ko na nagawang tingnan agad si Maxrill, tinanaw ko ang pagmamadali ng mga lalaking sumakay sa van. At hindi pa man nito naisasara ang pinto no'n ay agad na itong humarurot at walang pag-aalinlangang binangga ang kotse ni Maxwell!

"*Hyung*!" sigaw ni Maxrill. Naestatwa ako, nanlalaki ang mga matang tinanaw ang umuusok nang kotse ni Maxwell. Nang sandaling iyon ay ako ang pinakawalang-kwentang tao sa mundo. Sa ikalawang pagkakataon ay napabayaan ko si Maxwell, nadamay pa si Maxrill. Sa halip pa na kumilos ay binalot ako ng pag-iisip kung ano ang silbi ko, wala talagang kwenta.

DEIB'S POV

HINDI ko maipaliwanag ang kaba at takot. Parang bago nang bago iyon sa t'wing makararamdam ako ng ganito. Sa hindi na mabilang na pagkakataon ay nabingit na naman sa kamatayan ang buhay ko. Kasabay kasi nang takot sa mga taong iyon ay ang sakit na naramdaman ko sa aking dibdib. Hindi ko maintindihan kung bakit pasulpot-sulpot lang iyon at nararamdaman ko sa oras na hindi ako handa.

Dala siguro 'to nang takot na naramdaman ko. Pero kung hindi ako nagkakamali ay hindi naman ako natakot no'ng nasa Palawan kung saan ko 'to unang naramdaman uli. Tsk.

Pawis na pawis ako at nararamdaman ang panginginig ng mga kamay kong mahigpit ang pagkakahawak sa manibela. Gusto ko na sanang

dumeretso pauwi pero hindi nawawala ang takot at kaba sa 'kin.

Nag-aalala akong baka masundan nila ako at matunton kung saan ako nakatira. Mahirap na.

Pilit kong nilalabanan ang sakit ng aking dibdib. Gaya no'ng nasa Palawan ako ay may pagitan ang bawat tibok ng puso ko at sadyang napakasakit nang idinudulot no'n. Para akong malalagutan ng hininga kaya naman naghahabol ako sa hangin. Gusto kong buksan ang mga bintana, pakiramdam ko kasi ay mas makatutulong ang sariwang hangin sa paghinga ko. Pero natatakot ako sa mga taong 'yon. Baka bigla na lang silang sumulpot sa kung saan at saktan ako.

Ano ba ang kailangan nila sa 'kin? Bakit nila ginagawa 'to?

'Ayun na naman iyong mga tanong sa isip ko na paulit-ulit. Tinatanong ko parati 'yon sa t'wing may mangyayaring ganito. Pakiramdam ko ay hindi na ligtas ang school para sa 'kin, sa 'ming lahat na nag-aaral do'n.

Pero kataka-takang kami lang nang kami ang puntirya nila, bakit gano'n? Tsk!

"Taguro...kailangan ko si Taguro..." Bagaman hirap na hirap ay sinikap kong i-dial ang numero niya. Nagpapalitan ang tingin sa daan at sa aking telepono. **"Damn it, please answer the phone, babe. I need you now."**

Nabigo ako. Tatlong beses akong tumawag at hindi siya sumagot. Panay ang tingin ko sa rear mirror, umaasang walang nakasunod sa 'kin. Pero hindi ko alam kung saan ako dadalhin ng gas ko. Nagmamaneho ako at deretso lang ang tinatahak, alam ko pa ang lugar na iyon pero hindi ko alam kung saan ako hahantong. Pakiramdam ko tuloy ay mag-isa lang ako at walang makatutulong sa 'kin kundi ang aking sarili.

Sa sandaling iyon ay sunod-sunod na busina ang nakapagparindi sa 'kin. Mula sa aking likuran ay isang napakaliwanag na ilaw ang halos bumulag sa 'kin. Hindi ko makita kung kaninong sasakyan nagmumula iyon. Pero awtomatiko akong natakot, nag-aalalang baka nasundan nila ako kaya naman mas binilisan ko pa ang pagmamaneho.

Pero halos malagutan ako ng hininga nang mag-overtake ang sasakyang iyon sa akin at biglang huminto sa harapan ng kotse ko na siyang naging dahilan nang biglaang pagpreno ko.

Napamura ako nang halos masubsob ako sa manibela. **"Why the hell are you doing this to me?"** pasigaw ko pang sinabi.

Nagkalat ang usok sa pagitan ko at ng sasakyang 'yon sa harapan. Umatras ako, kakaripas na sana muli ng takbo ngunit natigilan nang mahawi ang usok at maaninag ang imahen ng isang babae.

Eerah Anitha?

Hindi ko man agad maaninag ang mukha niya dahil sa dilim ay batid kong hindi ako nagkakamali. Nagmadali siyang lumapit sa bintana ko pero hindi nagkusa ang katawan kong buksan iyon. Ilang beses pa muna siyang kumatok bago ko ibanaba ang salamin.

"Follow me!" pasigaw niyang sinabi. Hindi man lang ako hinayaang makasagot at bigla na lang akong tinalikuran. Nagmadali siyang bumalik sa kotse, minaniobra iyon at pinaharurot palayo.

What the hell is going on?

Nabuhay na naman ang kakaibang takot sa dibdib ko, pinasasakit lalo ang puso at isip ko. Pero may kung ano sa katawan kong sumunod sa kaniyang sinabi. Hinawakan ko ang manibela at nagmadaling sumunod habang naglalaro ang mga tanong sa utak ko.

Ilang saglit lang ay napadpad kami sa hindi pamilyar na lugar, unang beses na nakarating ako sa tagal kong nanirahan sa Laguna. Hindi na ako nagdalawang-isip na sumunod nang pumasok siya sa isang modernong kubo na may nakapalibot na manilaw-nilaw na ilaw. Mula sa labas ay naririnig ko ang mahina at klasikong tugtugin.

Kumumpas si Eerah Anitha nang makapasok kami. Gustuhin ko mang kausapin na agad siya ay bumungad naman ang waitress sa 'min. Um-order siya ng inumin at agad akong hinarap, sinenyasan akong maupo.

"What the hell was that, Eerah Anitha?" hindi ko na napigilan pa ang sarili kong magtanong. Hanggang sa sandaling iyon ay nanginginig ang kamay at mga kalamnan ko sa takot. **"Ano ang nangyayari?"**

"Calm down, Lohr."

"Tinawagan mo ako at sinabing umalis sa lugar na 'yon at ngayon ay nandito ka," hindi makapaniwalang usal ko. **"Why did you do that? Ano ang nalalaman mo?"**

"Please. Calm. Down."

"Ano ang nalalaman mo?!"

"Please!"

"How do you expect me to calm down? Matapos no'ng nangyari? Baliw ka ba?" halos mapasigaw ako sa pagtatanong. **"Explain to me what happened!"**

"Hindi ako makapagpapaliwanag kung ganiyang parang magwawala ka na!" singhal niya, sinamaan ko siya ng tingin. **"You're in danger, Lohr."**

Binalot ako ng takot. Tumitig siya sa 'kin. Kakaiba ang kaniyang aura sa sandaling 'to.

"You and your family, you're all in danger."

"What do you mean?"

Bumuntong-hininga siya, pinakatitigan akong maigi bago nagsalitang muli. **"Your life is in danger. Ang lahat nang nangyayari ngayon ay delikado para sa 'yo at sa pamilya mo."**

"It's fucking obvious already, Eerah! Delikado ang pamilya namin sa hindi namin nakikilalang mga tao!" singhal ko. Natigilan siya at muling huminga nang malalim.

Sa sandaling iyon ay batid kong may gusto siyang sabihin. Pero hindi niya malaman kung paanong ipaliliwanag ang lahat.

"I can't understand why this is happening. At ngayon ay nalilito ako kung bakit nandito ka at sinasabi ang lahat nang 'to, Eerah. What the hell is going on? Ano ang nalalaman mo? Sino ka? Sino kayo? Bakit ninyo ginagawa sa 'min 'to?"

"Hindi mo maiintindihan ang mga sasabihin ko kung ganiyang galit ka."

"At ano ang inaasahan mong maging reaksyon ko matapos no'ng nangyari? May umatake sa 'kin! Ano ang kailangan nila sa 'kin? Bakit nila ginagawa 'to?" paulit-ulit kong tanong. Panay ang buntong-hininga niya at pag-iiwas ng tingin.

"Kumalma ka, Lohr, huling pakiusap," sa paraan niya nang pananalita ay wala na akong magawa kundi ang kumalma. **"Ang lahat nang nangyayari ay alam ko."** Napailing ako sa galit. **"Pamilya ko ang nasa likod ng lahat, Lohr, maniwala ka o sa hindi, alam ko ang lahat ng 'to."**

Natigilan ako, hindi malaman kung matatawa ba o kakabahan. Gusto kong tumayo at dakmain siya, iharap sa 'kin at basta na lang siya ibato sa kung saan. Ngunit ang katotohanang sinabi niya ay sadyang nakapanghihina, ang hirap paniwalaan. Iyong katotohanang ang taong kaharap ko ngayon ay delikado para sa 'kin at sa pamilya ko ay hindi ko maintindihan.

"What do you want from us?" sinikap kong maging mahinahon.

"Hindi sa 'yo—"

"Kanino kung gano'n?"

"Please, let me finish first!"

"Sabihin mo na agad! Hindi lahat nang oras ko ay para sa iyo," hindi ko na naman napigilan ang aking sarili.

Hindi ko maintindihan kung paano niya nagagawang makipag-usap sa 'kin kagaya nang normal niyang paraan sa kabila nang mga sinasabi niya.

Pinakatitigan niya muli ako, nilabanan ang masama kong tingin saka nagpatuloy. **"I need you to do me a favor, Lohr, and this is not going to be easy. But I want you to try,"** mahinahong aniya. **"I want you to trust me. No. Please. Trust me. I can help you."**

"What?" natatawa kunyari kong tanong saka umiling-iling. **"Matapos mong sabihin sa 'kin na pamilya mo ang may kagagawan nito—gusto mong magtiwala ako sa 'yo? Sira-ulo ka ba, Eerah Anitha?"**

"I want you to trust me." Sumeryoso siya.

"Paano kitang pagkakatiwalaan?" nakangisi kong tanong.

Hindi ko na alam kung ano ang dapat na reaksyon. Nangingibabaw pa rin sa 'kin ang takot at hindi ko magawang sakyan ang mga sinasabi niya. Bukod do'n ay may matinding galit na namuo sa dibdib ko para sa kaharap at sa pamilya nito. Pakiramdam ko ay nakikipagbuno ako ngayon kay Kamatayan.

"Ipaliwanag mo sa 'kin ang lahat nang nangyayari. Bukod do'n ay wala ka nang iba pang hihilingin sa 'kin," tiim-bagang kong sinabi. **"Bakit ninyo ginagawa sa 'min 'to, ano ang kailangan ninyo? Kung may nagawa kami sa inyo, bakit hindi niyo kami deretsuhin? Bakit kailangang idaan ninyo sa ganitong marahas na paraan?"**

"Ang lahat nang nangyayari ngayon ay parte nang paghihiganti ng pamilya ko laban sa pamilya mo." Sa wakas ay nasabi niya ang bagay na pinaghihinalaan ko na.

Pero hindi ko pa rin naiwasang magulat. **"What? Ano ang ginawa ng pamilya ko sa inyo? Bakit kailangan ninyo kaming ganituhin?"**

Pinagmasdan ko siya habang nasa akin ang galit. Nakakuyom ang pareho niyang kamay na nasa ibabaw ng mesa. Gano'n din ang mga kamao kong nasa ilalim naman ng mesa. Lalong nag-igting ang kaba at galit sa dibdib ko, sumisikip ang paghinga ko at para akong naliliyo. Napakapit ako sa kinasasadlakang silya, napayuko at napapikit. Huminga ako nang sobrang lalim na para bang katapusan ko na.

"Buwan ng Pebrero nang taon na ito, may isang insidenteng nangyari sa lugar na malapit dito," dere-deretso niyang sinabi, umandar ang isip ko pero walang maalala. **"May nangyaring pagsabog na di-kalayuan sa school na pag-aari ninyo."**

Napailing ako. Wala akong matandaang gano'n.

"Sa nangyaring pagsabog na 'yon ay nadamay ang pamilya ko."

"At pamilya ko ang may kasalanan?"

"I said listen to me!"

"Damn it! Bakit kailangang ganiyang katagal magkwento? Napapraning na 'ko, Eerah. Paano kung may sumugod dito at damputin ako dahil sa bagal mong magkwento? If you want to tell me something then tell it straight to my face now!"

"That's why I want you to trust the hell out of me, Lohr! Paano ako makapagpapaliwanag kung inuunahan mo ako ng galit? Kung napapraning ka ay gano'n din ako! Hindi nila magagawa 'yon dahil kasama mo ako!"

"I can't!" pasinghal kong sinabi. **"I cannot trust you, Eerah!"** dinuro ko siya. **"Because you know something that I don't—we don't!"**

"I want to tell you everything, Lohr, and that's what I'm trying to do right now. But how can I do that if you're making me feel like you won't understand? This isn't easy for me too, dahil posibleng ikapahamak ko but I chose to help you. Makisama ka naman?"

"You can make me understand without begging for my trust. I can lend you my ears but you cannot have my trust. Lalo na ngayong ganiyan ang sinabi mo."

"Okay, then," mahinanong aniya, hindi nagmamalaki pero gano'n ang dating sa 'kin. **"Alam ko namang darating ang oras na kusa kang magtitiwala sa 'kin dahil wala ka nang ibang magagawa kundi ang pagkatiwalaan ako."** Sa hindi maipaliwanag na dahilan ay natigilan ako sa kaniyang sinabi. **"Namatay ang mommy ko dahil sa pagsabog na iyon."** Pandederetso niya, lalo akong natigilan. **"Pero maisasalba pa sana ang buhay niya kung inuna siya ng mga doktor sa ospital na pinagdalhan namin sa kaniya."**

"At sa ospital na pag-aari namin ninyo siya dinala?"

"Oo."

Sandali na naman akong natigilan, nagugulat. Pero agad akong umiling at tiningnan siya nang deretso. **"Tch. Kasalanan iyon ng mga doktor at**

hindi ng pamilya namin, Eerah."

"Kasalanan iyon ng Chairman ninyo."

Muli akong nagulat. **"Ano?"** halos mautal kong tanong, hindi agad siya sumagot.

Sa oras na iyon ay gusto kong matakot sa kaniya, may nababasa akong kakaibang galit sa mga mata niya.

"Si Chairman? Bakit si Chairman?"

"Nang gabing iyon ay dinala sa BIS Hospital ang mommy namin. Kagaya nang napakaraming tao na nadamay sa pagsabog. Nabaril siya sa dibdib. Nakiusap ang pamilya naming asikasuhin na muna ang mommy namin pero hindi kami napagbigyan ng mga doktor." Isang sarkastikong ngisi ang pinakawalan niya bago nagpatuloy. **"Sa sandaling iyon ay manganganak din ang kapatid mo. At dahil ang Chairman ninyo ang nagsabing unahin siya ay walang nagawa ang kaisa-isang doktor na nakausap namin. Huli na nang malaman naming ang Chairman palang iyon ang isa sa mga nagmamay-ari ng ospital. Wala ni isa sa mga nagtatrabaho ro'n ang nakakasuway sa kaniya."**

Hindi ko na nagawang mag-isip. Bigla ay naalala ko ang ilan sa mga nangyari nang sandaling manganak si *Noona*.

May lalaking lumapit sa 'min at nakiusap na tulungan ang mommy niya. Mommy ni Eerah Anitha 'yon?

Hindi ako makapaniwala sa liit ng mundo. Ikinagulat ko pa nang makitang nangingilid na ang mga luha niya.

Pero ang sabi niya ay may sumabog, eh, bakit nabaril naman ang mommy niya?

Gusto ko iyong itanong pero kakaiba ang dating niya, hindi akma ang sumabat ako sa pagdadalamhati niya.

"Pakiramdam namin ay para kaming pinagdamutan ng tadhana. Maayos kaming nakiusap pero hindi kami nagawang pagbigyan. Sa pagtanggi nila ay nawala sa isang iglap ang buhay ng napakahalagang tao sa buhay namin. Gano'n kadali para sa Chairman ninyong iisantabi ang isang buhay. Pakiramdam namin ay siya ang pumatay kay mommy. Si mommy na napakabuting tao," tumitig siya sa 'kin at agad na pinahiran ang namuong luha sa kaniyang mata.

"Ang sabi ni mommy, kung mas maraming buhay ang maisasalba kapag pinabayaan siya ay hayaan na lang namin siyang...mamatay," nabigo na siyang pigilan ang pag-iyak.

"E-Eerah..."

"Hanggang ngayon ay hindi namin matanggap 'yon, Lohr. Napakahirap. Bakit gano'n na lang kadali para sa inyong bale-walain ang buhay na mahalaga sa 'min? Wala rin kaming kasalanan do'n, Lohr, walang gustong mangyari 'yon. Pero maisasalba ang isang buhay kung pinagbigyan kami ng inyong Chairman."

"Eerah—"

"Nasa amin na ang lahat, Lohr," pinigilan niya ako sa paghingi ko ng tawad. **"Halos perpekto na ang pamilya at pamumuhay namin. Marami kaming pera, meron kaming koneksyon, edukasyon—lahat. Pero nang sandaling iyon ay para kaming walang-wala, nagawa pang pagdamutan ng buong mundo. Pinagdamutan ng buhay na kayang kaya naman ninyong ibigay. Daig pa namin ang pulubi na namamalimos sa abandonadong lugar, walang malilimos sapagkat walang ibang tao bukod sa 'min."**

Natinag ako, inantig ng konsensya at awa, pero nag-aalangan nang tumitig sa kaniya.

"Ang buhay na nalagas sa pamilya namin ay napalitan ng panibagong buhay sa pamilya ninyo, Lohr." Muli kong nabasa ang kakaibang galit sa kaniyang mga mata.

Natahimik ako, natatakot pero hindi siya gustong takbuhan. Nalilito, nagugulat. Hindi naisip na posibleng dahilan iyon sa mga nangyayari ngayon. Dahil bago ito nangyari ay marami pang nangyari. Kung ano-ano ang pumasok sa isip ko hanggang sa maalala ko ang nangyari sa Palawan.

Natitigilan akong tumingin muli sa kaniya. **"'Yong nangyari sa Palawan, kayo rin ba ang may pakana?"**

"You really have no idea?" nakakainsulto ang ngisi niya.

"Planado ang lahat?" nag-aalangan kong tanong.

Nakangisi siyang umismid bago tumango. Napailing ako, nasapo ang noo.

"Bakit mo sinasabi sa 'kin lahat ng plano ninyo ngayon?"

"Gusto ko ring maghiganti, iyon ang totoo," mariin at seryoso niyang sinabi. **"Pero may limitasyon ang galit ko. At hindi ako handang kumuha ng buhay ng iba. Wala akong karapatang kumitil ng buhay gaya nang kaya nilang gawin."**

"Nila? Sinong nila?"

"Nang pamilya ko, Lohr."

Napalunok ako. **"Handa silang pumatay?"** hindi makapaniwala kong tanong. Walang pag-aatubiling tumango siya. **"Papatayin nila kami?"**

"Hindi kayong lahat."

Hindi kaming lahat? **"Sino kung gano'n?"** Nanatili kaming nakatitig sa isa't isa. **"Si Chairman?"** tiim-bagang kong tanong. Naramdaman kong nangilid ang luha ko sa halo-halong emosyon. **"Papatayin ninyo si Chairman?"** Hindi pa rin siya sumagot. **"Tell me!"** singhal ko ngunit nanatili siyang tikom. **"Gano'n lang kadali sa inyong gawin 'yon? Ano ang tingin ninyo sa 'min, manok?"**

"Can you trust me now?" walang emosyon niyang tugon. Hindi ako nakasagot. **"Lohr?"**

"Paano ko gagawin 'yon, Eerah?" wala sa sariling sinabi ko. **"Kasama ka sa mga nagplano nito at ngayon ay hinihingi mo ang tiwala ko,"** umiling ako. **"Paano kung isa kang patibong? Paano ako?"**

"Hindi kita pipilitin. Pero sana ay 'wag mo akong pigilan na tulungan ka gaya nang ginawa ko ngayon." Iyon lang at tumayo na siya.

Nasundan ko siya ng tingin. "Where are you going?"

"Iyon lang ang pwede nating pag-usapan ngayon. Hahanapin nila ako at hindi nila pwedeng malaman na tinulungan kita. Or else, mapapahamak tayong pareho."

"Sa anong paraan ka nakatulong?"

Nakangisi niya akong hinarap. **"Hindi pa ba pagtulong sa 'yo 'to?"**

"Paano kung ginagawa mo lang 'to para mas maipit ako?"

"Saan kita iipitin? Nasa sa 'yo na ang lahat ng impormasyon—"

"Titigil na ba kayo kapag nalaman ko 'to?" sinikap kong 'wag magtaas ng boses.

Sinenyasan ni Eerah ang waiter na 'wag nang lumapit.

"Kung talagang gusto mo akong tulungan ay pakiusapan mo ang pamilya mong tumigil na at 'wag na kaming guguluhin."

"Hindi gano'n kadali 'yon, Lohr." Kung hindi ako nagkakamali ay may nababasa akong awa sa mga mata ni Eerah Anitha. **"Dahil kung gano'n lang sana ay ginawa ko na 'yon noon pang una. Don't worry, I'll do my best to stop them. For now we need to leave this place. They can't see us here. We'll meet here if it's necessary. Go home, take care of yourself."**

"Wait! What if they're still following me?" wala akong pakialam kung makasarili ang tanong.

"Their plan is to just scare you. When you left that place, they also left."

"What?"

"Besides, I'm sure your girlfriend will protect you in every way."

Matapos sabihin iyon sinulyapan ni Eerah ang nagri-ring nang cellphone ko. Sasagutin ko na sana iyon nang pigilan niya ako.

Si Taguro! **"What?"** inis kong sabi.

"Don't tell her, she doesn't have to know."

Natatawa akong umiling, sarkastiko. "You don't know her. Unanswered call is a threat to her." Nasisiguro kong magwawala sa galit si Taguro kapag nalaman ang nangyari sa 'kin.

Umikot ang paningin niya sa inis."Sabihin mong nakatulog ka nang maaga."

"Imposible iyon!"

"Gawin mong posible kung ayaw mong mapahamak."

"'Wag ninyong gagalawin ang girlfriend ko—"

"Walang makagagalaw sa girlfriend mo, Lohr," sarkastiko niyang sinabi. **"Pakiusapan mo ang girlfriend mong tigilan ang pangingialam. Dahil pati sila ng pamilya niya ay nadadamay."**

"What?"

"Sabihan mo siya nang hindi binabanggit ang mga napag-usapan natin. Inaalam nila ang tungkol sa 'min para matulungan kayo. Maswerte silang hindi namin sila pinapatulan."

"Ayaw mong ipaalam ko sa kaniya ang mga sinabi mo, pero gusto mong pigilan ko siya sa mga bagay na ginagawa sa inyo?"

Ni hindi ko nga alam na kumikilos na naman pala siya at ang pamilya niya! Tch! 'Sabagay, 'yon si Taguro, eh. 'Yon siya! Tsk!

"Pinipigilan ko ang pamilya ko sa mga plano nilang maghiganti, sa sarili kong paraan. Iyong paraan na hindi ko ikapapahamak at ikatatahimik ng lahat. You can also do that, Lohr."

Natatawa akong umiling, baliw na. Sa dating nang sinabi niya ay para niya akong kinokontsaba.

"Napipikon ang pamilya ko sa ginagawa ng mga Moon. Sa sobrang pakikialam nila ay lalo kayong napapahamak. Pumapasok sila sa gulo, inaalam ang tungkol sa 'min at sa mga nangyayari. May nalalaman na sila ngunit walang ebidensya."

"Ibahin mo ang mga Moon."

"Walang magagawa ang mga Moon, Lohr," tumatawa siyang umiling. **"Hindi sila magiging hadlang sa 'min kahit kailan. Gusto ng pamilya kong burahin na muna sila bago maisagawa nang ayos ang mga plano."**

"What do you mean?"

"Burahin. Patayin." Malinaw na aniya habang tumatango. **"At huwag ka nang magtangkang magsumbong sa mga pulis dahil wala silang magagawa, Lohr. Hindi basta-bastang mga tao ang pamilya ko. Delikado kaming tao."**

Umalingawngaw sa pandinig ko ang mga huling sinabi niya. **"Eerah..."** wala pa man ay natatakot na ako.

"Huwag mong isisiwalat ang nalalaman mo. Tutulungan kitang mag-ingat. Hindi pwedeng malaman ng pareho nating pamilya ang usapang ito dahil kung hindi ay mananagot tayong pareho."

"Why are you doing this?" wala sa sariling naitanong ko.

"Because I want a normal life."

Stupid bitch! **"Matapos ninyong magplano at kumilos nang ganito, naghahangad ka nang normal na buhay?"**

Sumama ang mukha niya nang matawa ako. Hindi ako nagsisi, dahil napakaestupido ng ideya niya.

"Hindi na magiging normal pa ang lahat, lalo na at hindi kayo humihinto. Kayo ang sumira sa normal naming buhay, Eerah Anitha. Kung may kasalanan ang lolo ko sa inyo, pwede ninyo kaming kausapin. Pagbabayaran namin ang kasalanan sa tamang paraan at hindi sa ganitong idinadamay ninyo ang lahat."

"Plano mo bang ipaalam sa lahat ang pinag-usapan natin?" sarkastiko niyang tanong, galit akong napatitig sa kaniya. **"Nandito na 'to. Kung may magagawa ka para pigilan ay sige, ikaw ang bahala. Pero kung ako sa 'yo ay makinig ka na lang muna sa 'kin dahil wala kang lakas, Lohr."**

"Hindi kita maintindihan," umiling ako. **"Tinutulungan mo 'ko pero nababasa at nararamdaman ko ang galit mo sa pamilya ko."Pakiramdam ko ay patibong niya lang ito. Pero traydor ang isip ko. May nahanap na dahilan para maniwala sa kaniya, bagaman ayaw kong ipaalam 'yon.**

"Dahil ayaw ko nang mabuhay na puno ng paghihiganti sa bagay na hindi ko na rin naman maibabalik sa dati," mariing aniya saka ako

tinalikuran. Hahabulin ko pa sana siya pero mabilis siyang lumayo.

Alerto akong nagmaneho pauwi at nakarating nang matiwasay. Naro'n pa rin sa 'kin ang mga tanong. Lalong nagulo ang utak ko dahil kay Eerah Anitha. Hindi ko pa rin magawang paniwalaan alinman sa mga iyon.

Napakahirap na paniwalaan lahat. Naguguluhan ako. Ayaw niyang sabihin ko kay Taguro ang lahat nang napag-usapan namin pero gusto niyang pigilan ko siya sa ginagawa niya? Ano ba ang ginagawa niya? Hindi kaya may mga ikinikilos na naman siyang hindi ko nalalaman? Tch. Hindi na bago 'yon sa kaniya. Pero paano kong gagawin ang sinasabi ni Eerah Anitha? Gusto niya bang magpatay-malisya ako at umastang walang nalalaman? Mas dumami ang tanong sa isip ko.

Nagulat ako nang madatnan ang Chairman sa bahay. Abala siya sa pakikipag-usap sa telepono. Nag-aalala akong sinalubong ni mommy. Natural 'yon dahil late akong umuwi. Sinabi kong kumain na ako at nagpaalam na magpapahinga na sa kwarto.

Para bang bigat na bigat ako sa sarili habang umaakyat sa hagdan. Hindi ko maialis ang paningin sa Chairman habang unti-unti itong nawawala sa paningin ko. May kung ano sa 'king gustong malaman kung ano ang pinag-uusapan nila nang nasa kabilang linya. Pakiramdam ko ay may kinalaman 'yon sa nangyari sa 'kin kanina. Pero nag-aalala akong kapag nagtanong ako ay ipagtaka nila. Baka hindi ko matupad ang napag-usapan namin ni Eerah Anitha kapag nagkataon.

Pabagsak akong nahiga sa kama. Para bang noon lang ako napagod nang sobra sa buhay ko. Muling sumagi sa isip ko ang nangyari kanina.

Kung tutuusin ay walang kakaiba ro'n. Hindi 'yon tulad no'ng mga nangyari sa nakaraan dahil hindi man lang nila ako nalapitan. Pero bakit ba sa simpleng kilos nila ay ganito na ang takot ko? Nangunot ang noo ko at napapikit. Parang nanumbalik sa 'kin ang nakakatakot na kaba sa dibdib ko. *Ang sakit ng puso ko kanina, bumalik ba ang sakit ko?* Tumitig ako sa kisame at nakita ang mukha ni Taguro. *Ano ang gagawin ko, babe? Ang gulo-gulo ng mga nangyayari. Nalilito ako at natatakot para sa 'ting pareho.*

Naisip kong muli ang mga sinabi ni Eerah Anitha. Ngayon ay masasabi kong delikado nga talaga siya. Naiisip ko ang pagpapakatotoo niya. Lamang sa 'kin ang naghihinalang parte lang ito ng plano niya. Napapikit ako. Lalo akong naguguluhan, hindi ko alam kung ano ang dapat na gawin.

Gusto kong magsabi kay Taguro. Pero nangangamba akong iyon pa ang maging dahilan para mapahamak kaming pareho.

"Hindi ako handa sa mga ganitong klase ng problema," pabulong kong sinabi. **"Sunod-sunod na masyado at nakakabaliw ang pag-iisip. Nakakabaliw."**

Sa sandaling 'yon ay hinihiling kong sana ay katulad na lang kami no'ng ibang tao na pera lang ang problema. Mas pipiliin ko sa oras na 'yong mamroblema nang makakain sa gabi kaysa sa mga bagay na gumugulo ngayon sa isip ko.

Nang dahil do'n ay ginugulo nila kami. Paano 'yon masosolusyunan?

Sa sobrang pag-iisip ay hindi ko namalayan ang sarili kong nakaidlip sa gano'ng posisyon. Ngunit nagising ako nang marinig ang pasigaw na tinig ng Chairman. Napabalikwas ako ng bangon at nagmadaling lumapit sa pintong hindi ko pala naisara.

"Ano ang nangyayari...?" pabulong kong sinabi habang lumalapit sa hagdan.

"Kumalma kayo, Diyos ko, pakiusap," dinig kong sabi ni Manang.

Lalo akong napaisip kung ano ang nangyayari sa 'baba. Pero natatakot akong bumaba, ni ayaw kong malaman nilang nakikinig ako.

"Ang mga animal na iyon!" muling ani Chairman. Nagtago ako. **"Nang dahil sa kanila ay napakaraming nais na umalis sa BIS! Hindi na raw ligtas ang school. At hindi natin mabigyan nang kasiguraduhan ang kaligtasan ng mga mag-aaral! Halos ang karamihan sa magulang ng mga estudyante ay handang idemanda ang pamunuan ng school dahil sa mga nangyayaring kababalaghan! Tapos ngayon ay makakausap ko ang mga hayop na ito at sasabihing maghanda tayo sapagkat tapos na sila sa school?"**

Maghanda? Ano ang ibig nilang sabihin?

"Hindi na raw sila manggugulo sa school," pag-uulit ng Chairman, muli akong nakinig. **"Ano na naman ang plano nilang gawin sa ngayon?"**

Muli akong kinabahan. Pakiramdam ko ay alam ko na ang ibig sabihin nang sinabi nila sa Chairman. Bagaman hindi naman ganoon kalawak ang nalalaman ko. May kung ano tuloy sa 'kin na gustong tumakbo pababa at sabihin sa kanila ang lahat nang napag-usapan namin ni Eerah Anitha. Pero nagdalawang-isip ako, kabado.

Kailangan kong makapag-isip nang tama. Paano kung mapahamak kami kapag sinabi ko sa kanila? Hindi malabong puntahan agad nila ang mga Rewis kapag nalaman ang nalalaman ko. Pero paano kung sa huli ay isa pala 'tong patibong at mas ikapahamak namin?

Napahawak ako sa ulo nang biglang kumirot 'yon sa sakit. Nanlulumo akong bumalik sa kwarto, naupo sa kama at nasapo ang ulo. Ngunit agad akong natinag nang biglang tumunog ang cellphone ko, may halong gulat kong sinagot 'yon.

"Hello?!" kunot-noo kong sagot.

"Naniniwala ka na ba sa 'kin?" tinig ni Eerah Anitha, hindi ako nakasagot. **"You have to trust me, Lohr—,"**

"No!" pasinghal kong sagot. Tumayo ako'y isinara ang pinto. **"Pakiusapan mo ang pamilya mong huminto na, Eerah, hindi na kayo nakakatuwa!"**

"Hindi naman namin inaasahang matutuwa kayo," sarkastika niyang sinabi. **"Hindi madali para sa 'king tulungan ka, Lohr, kailangan ko ng pakisama."**

"Paano kung sabihin ko sa 'yong gusto kong malaman ng pamilya ko ang lahat nang sinabi mo?"

"Ikaw ang bahala, your choice."

"Ano ang mangyayari?"

"Eh, di subukan mong sabihin, we'll see."

"Eerah!"

"Ganiyan ba talaga kahirap para sa 'yo ang umintindi? You have to weigh both sides and decide, Lohr."

"Mas may tiwala ako sa pamilya ko kaysa sa 'yo."

"How sure are you that they're going to believe you?"

Napaisip ako. **"Pero mas malaki ang tyansang maniwala sila sa 'kin kaysa sa 'yo, Eerah Anitha. Kahit sino ay iisiping isa kang patibong."**

"Then try me."

"What do you mean?"

"Ang susunod nilang hakbang ay sa The Venice." Kaswal niyang sinabi. Nanlaki ang mga mata ko. **"Sa bahay ng asawa ng kapatid mo."** Walang ano-ano'y pinutol niya ang kabilang linya.

Noona...

OceanofPDF.com

CHAPTER 191

MAX'S POV

"ARE YOU okay?" pasigaw kong tanong habang sinisipat ang kabuuan ni Maxrill. Napakainutil ko, hindi ko malaman kung sino sa kanila ni Maxwell ang uunahin.

"Yes, *Noona*, I am okay. Thank you," gumagaralgal ang boses niya, gano'n talaga kahina ang loob niya. Muntik na siyang makuha sa 'min. **"I was so scared, *Noona*. Who are those people?"**

"Did you see their faces?"

"No, they did not removed their masks."

"What did they do to you?"

"Nothing." Ngumuso siya, tila maiiyak na. Ang mga titig niya ay nagsusumbong.

Hindi ko magawang kumalma. Pawang mga nakamaskara ang apat na lalaki. Tanging ang mga mata, butas ng ilong at bibig lang ang makikita. Pare-parehong malalaki ang pangangatawan, nakaitim na faded jeans, itim din at saradong jackets.

Bakit nila ginawa 'to? Natutuliro kong tinanaw ang umuusok nang sasakyan ni Maxwell. *Malakas ang kutob kong sinadya nilang gawin 'to, nakaplano. Pero bakit, bakit kami?*

Nakaririndi ang papalapit nang papalapit, papalakas nang papalakas na sirena ng mga pulis. Batid kong malapit na sila sa 'min ngunit huli na ang lahat, nakatakas na ang mga salarin. At sa sandaling iyon ay wala akong naisip kundi ang mga kapatid ko.

Sabay kaming tumakbo papalapit sa kotse ni Maxwell, hindi inalintana ang makapal na usok na mabilis na kumalat mula sa kotse nito. Ang unahang bahagi ng sasakyan ang nabangga. Sa sobrang lakas ay hindi kataka-takang umuusok iyon na para bang handa nang sumabog.

"*Hyung*! *Hyung*!" palahaw na Maxrill, kaunti na lang ay parang maluluha na. Paulit-ulit niyang kinatok ang bintana ni Maxwell.

Kamalas-malasang pareho naming hindi mabuksan ang pinto. **"King ina, Maxwell, buksan mo 'tong pinto!"** pasigaw kong utos pero wala akong

natanggap na tugon. Gusto kong pagsisihang hindi ko agad siya nilapitan.

Pilit kong hinawi ang mga usok ngunit naghisterya nang makitang nagsisimula nang kumapal ang usok sa loob. Nawalan siya ng malay.

Lalo akong nagmadali, sapilitan at marahas nang binubuksan ang pinto pero bigo pa rin ako.

"Give me your coat," utos ko kay Maxrill, dali-dali siyang sumunod.

Ibinalot ko iyon sa kamao at walang alinlangang binasag ang salamin ng bintana sa likurang upuan. Nang mabuksan ko ang pinto ay siya namang paglapit nina Chairman, agad na tumulong sa 'kin ang mga pulis para mailabas si Maxwell.

"Ma'am, ayos lang ba kayo?" tanong ng pulis pero parang wala akong narinig.

"Take him to the hospital! Now!" bulalas ng Chairman. **"Maxpein, Maxrill, let's go!"**

Wala akong naririnig sa sandaling iyon. Parang makapal na usok ang humarang sa tainga ko. Tinanaw ko ang kalsadang tinahak papalayo ng van. Wala na iyon sa paningin ko pero parang nakikita ko pa rin ang likurang bahagi niyon.

This is not funny anymore.

Nakakatakot ang nararamdaman kong galit. Para bang anumang oras ay may dahilan akong makapanakit ng tao. Napakahirap ng sitwasyon, kulang kami sa impormasyon pero pare-pareho ang pakiramdam. Hindi ko maintindihan kung bakit nila ginagawa ito sa 'min. Kung totoo mang nalalaman na ng may pakana ang mga hakbang namin, hindi sapat 'yon para umabot kami sa ganitong punto.

Masiyadong masasama ang mga taong 'to. Hanggang saan ang kaya nilang gawin?

Hindi mawala sa isip ko kung paanong binangga ng puting van ang sasakyan ni Maxwell. Dere-deretso, malakas at harurot, walang bahid ng pag-aalinlangang makadisgrasya ng tao!

Halos apat na oras kaming nanatili sa ospital bago naiuwi sa mansyon si Maxwell. Doon ay tahimik kaming nagharap-harap ng aking pamilya. Maliban kay Maxwell na nagpapahinga sa kwarto kasama ang dalawang private nurse. Halos wala kaming napag-usapan, pare-parehong tahimik na nag-iisip sa nangyari.

Magulo ang isip ko, naro'n pa rin ang makapal na usok. Hindi ko na iyon makakalimutan pa.

Hindi 'to patas. Kilala nila kami pero kami ay walang patunay kung tama ba ang aming ideya. **"Handa silang manakit ng tao,"** wala sa sariling sabi ko, nilingon ako ng lahat. **"Nakakatakot ang mga taong 'yon,"** tiningnan ko si daddy, nag-aalala siya.

Lumapit siya at niyakap ako, hindi ko inaasahan. **"We're home, and no one's allowed to hurt us here. No one."**

Nanginginig pa rin ang kalamnan ko, nagagalit sa hindi maipaliwanag na dahilan. Parang sasabog ang utak ko sa sobrang pag-iisip. Sobra-sobra ang nararanasan namin para sa hindi malamang dahilan. Kung meron mang nagawang mali ang mga Enrile, gaano iyon kalaki para gawin nila ang lahat nang 'to?

Nakiusap ang pamilya kong manatili ako sa mansyon pero nagpumilit akong umuwi. Inihatid ako ni daddy at isusunod ang motor ko bukas. Tulog na ang magkapatid nang makarating.

Mababaw ang tulog ko, napapraning. Tuloy ay nagising ako nang may marinig na kaluskos. Kung saan nagmumula iyon ay hindi ko alam. Marahan akong nagmulat, tumama ang paningin sa kisame. Nilingon ko ang bintana kung saan may nagmumulang liwanag. May kung ano sa 'king umaasang may makikitang anino pero wala.

Muli kong narinig ang kaluskos. Sa sandaling iyon ay batid ko nang may tao at hindi 'yon taga-rito.

Marahan at maingat akong bumangon, sinikap na hindi makagawa ng ingay at iningatang ipakita anumang anino o bakas ko. Lumapit ako sa electric fan, sabay na pinindot ang number 1 at 0 para mamatay nang tahimik. Kinuha ko ang cellphone at tanging pag-off no'n ang pinakamabilis kong nagawa. Lumangitngit ang pinto sa ibaba, doon bumulusok sa kaba ang dibdib ko.

"I think someone's inside my house..." Parang nangibabaw sa pandinig ko ang sinabing 'yon ni Maxwell. Napapikit ko. Ngayon ay alam ko na ang pakiramdam. *Pakiramdam ko ay may tao ngayon dito. Magkakahiwalay kami ng kwarto, ano ang gagawin ko?*

Kampante ako kay Yaz pero hindi kay Naih, kinakabahan ako para sa kaniya. Pero paano ako makakapunta sa kwarto niya? Parati pa namang naka-lock ang pinto no'n at hindi nagigising sa mahinang katok. Hindi ko 'yon mabubuksan, at kung magawa ko manay posibleng huli na ang lahat. Paniguradong makikita na ako ng kung sino man ang nasa ibaba ngayon.

Marahan akong nagpunta sa likod ng pinto, may mga nakasampay akong damit doon kaya hindi ako madaling makikita. Ngunit sa hindi inaasahan ay gumalaw ang doorknob ko sa maingat din na paraan. Sunod-sunod ang naging paglunok ko at halos mapapikit sa sobrang kaba.

Hanggang sa marahan iyong bumukas...

Nanatili akong nakapikit habang ang likod ng ulo ko ay nakasandal sa kahoy na dibisyon ng kwarto. Kunot na kunot ang noo ko habang nakikiramdam. Nangingibabaw ang kaba ko, binabawasan ang malakas kong pakiramdam. Nabibingi ako sa lakas ng tibok ng puso ko, at maging ang paglunok ay dinig ko na. Kaunti na lang ay parang lalabas na ang puso ko sa aking dibdib!

Marahan akong nagmulat, sinisikap na hindi makagawa ng ingay. Doon ko nakita ang malaking bulto sa aking harapan, iginagala ang paningin sa madilim at magulo kong kwarto. Gaya kanina ay naka-mask iyon at nakasuot nang pulos itim. Hindi na ako magtataka kung isa 'yon sa mga sumugod at nagtangkang dumukot kay Maxrill kanina.

Pinigil ko ang paghinga, pakiramdam ko ay iyon na ang pinakamatagal na sandali sa buhay ko. Sa isip ay hinihiling kong umalis na ito, parang malalagot na ang hininga ko. Parang mawawalan na ako ng malay dahil sa sobrang kaba.

Matapos ang mahabang sandali nang hindi nito paggalaw at pagmamasid sa kwarto ko ay tumalikod ito at lumabas, iniwang nakabukas ang pinto ng kwarto. Maging ang paglalabas ko ng hangin mula sa aking lalamunan ay sinikap kong gawing tahimik. Kailangan kong mag-ingat nang higit pa sa sobra.

Dahil kahoy ang karamihan sa pundasyon at sahig ng bahay ay naging matunog ang suwelas ng suot nitong sapatos. Batid kong patungo na 'yon sa sumunod na kwarto at kay Yaz na 'yon. Napapikit ako at tahimik na hiniling na sana ay nakikiramdam na rin itong gaya ko. O sana ay nagawa niya nang puntahan si Naih para makapagtago na silang magkapatid.

Ilang saglit pa ay narinig ko na ang paglangitngit ng pinto. Paniguradong nabuksan na nito ang kwarto ni Yaz na siyang pinaggigitnaan ng parehong kwarto namin ni Naih. Sa oras na 'yon ay hindi ko na alam kung ano ang hihiligin ko. Naghahalo-halo ang plano at takot sa utak ko at masyado ako niyong nililito. Gusto kong sumigaw at magmura sa sobrang galit pero hindi 'yon makatutulong sa 'kin ngayon. Mapapahamak kaming pare-pareho.

Natulili ako nang marinig ko ang pagtili ni Naih, mukhang nagkamali ako. Hindi si Yaz ang pinasok nito.

Ang sumunod na ingay ay pagtakbo na, may kasama ang kung sinumang pumasok! Napakatanga ko upang isiping nag-iisa lamang ito. Tumakbo paakyat ang isa pa, napapitlag ako nang magmadali itong pumasok sa kwarto ko at muli na lamang nakahinga nang maluwang nang lumabas ito.

Pinakiramdaman kong muli ang mga sumunod na mangyayari at sa sandaling iyon ay alam kong hawak na nila ang magkapatid.

"Bitiwan mo 'ko!" mapangahas na sigaw ni Naih.

"Huwag kayong mag-iingay kung ayaw ninyong masaktan!" bagaman mahina ay pasinghal na sinabi ng kung sino. Lalaki. **"Ilan kayong narito?"**

"Dalawa, dalawa lang kami," dinig kong sabi ni Yaz.

"Nasaan 'yong isa ninyo pang kasama?"

"Hindi siya umuwi, nando'n siya sa pamilya niya," kabado, natatakot, magwawala nang ani Naih.

Napapikit ako, kabado ngunit nagpasalamat na hindi ko sinabi sa magkapatid na umuwi ako. Pero hindi ko sila pwedeng pabayaan. Hindi pwedeng wala akong gawin. Pero paano? Sa ganitong sitwasyon ay paniguradong lugi kaming pare-pareho. Kaduwagan at kawalan ng kwenta ang ginagawa kong pagtago. Wala na naman akong silbi.

Muli akong nakiramdam sa susunod na mangyayari. Narinig ko na ang mga yabag nila papalapit sa kwarto ko at nasisiguro kong pababa na ang mga ito. Kung ano ang mga hitsura nila ngayon ay hindi ko na alam. Masyado akong nag-aalala para sa dalawa, maiksi kung magsuot ng pantulog si Yaz at gano'n din si Naih. Nag-aalala ako sa pwedeng gawin ng mga lalaking 'to sa kanila. Pero hindi ko alam kung anong kilos ang gagawin. Lalo pa at sa isip ko ay nai-imagine kong hawak na sila sa leeg ng mga ito.

Nang maramdaman ko sila sa ibaba ay 'tsaka ko dahan-dahang kinuha ang jacket at maingat na isinuot iyon. Maingat akong lumabas upang mapagtanto lamang na may nakaabang na pala sa 'kin!

"Hindi lamang ikaw ang mautak sa mundo, Maxpein Zin del Valle," halos bumungisngis nitong sinabi.

Humakbang siya papalapit sa 'kin. Umikot ako kasabay nang paghakbang patalikod at sa pagharap ko ay nagawa ko nang itutok sa kaniya ang nakatago kong balisong. Nanlaki ang mga mata niya, hindi inaasahan ang

kilos ko. Pero nakuha niyang ngumiti matapos, nakalabas pa ang mga ngipin.

"Mahusay," pumapalakpak pang aniya. **"Napakabilis mong kumilos." H**indi ako sumagot. **"Mukhang mahilig ka sa madugong paraan, Maxpein Zin? Napakaganda ng iyong pangalan. Hm..."** Hindi ako nagsalita, hindi rin kumilos. Nakatitig ako sa mga mata niyang nakapako sa akin.

Nalito ako nang malakas siyang pumadyak-padyak sa sahig. Natuon do'n ang paningin ko dahilan upang hindi makita ang kaniyang pag-atake.

Napasinghap ako nang umiwas, sinamaan agad siya ng tingin. Muli siyang sumugod ngunit muli rin akong nakaiwas, inaambaan siya ng balisong.

Ang mamahalin kong balisong.

"Makikipagpatentero ka pa ba naman sa akin?" nakangisi niyang tanong. Nagpaikot-ikot kami sa makipot na espasyo ng pasilyo.

"Ano ang kailangan mo?"

"Ikaw mismo."

"Bakit?"

"Sumama ka sa akin at ilalahad ko sa iyo ang mga dahilan."

"At ang mga kaibigan ko?"

"Iiwan namin dito. Naudlot ang kanilang pagtulog nang dahil sa hindi inaasahang bisita, kami. Hindi agad kita nakita."

Sasagot na sana ako nang dumating ang isa pang lalaki, nasa pintuan. Hindi ko na iyon nilingon pa, natatakot maisahan ng kaharap.

Pilit kong kinikilala ang boses ng kaharap ngunit nabigo ako. Hindi ko malaman kung nilalakihan ba nito ang boses o sadyang gano'n. Posible ring nagbabago ang boses niya dahil sa maskarang halatang masikip sa kaniyang ulo. Halos pumutok ang nguso niya dahil hindi iyon akma sa hugis ng panga niya.

Inilahad ng kaharap ko ang kamay. **"Sumama ka sa amin nang tahimik, magiging tahimik din ang buhay niyo."**

"Hindi."

"Ah, ano ang gusto mo kung ganoo—" Hindi niya na nagawang tapusin ang sasabihin nang sipain ko siya sa dibdib. Tumumba siya dahilan upang sumugod ang isa pa!

Sinalubong ko ang braso ng ikalawa nang sumubok itong hawakan ako. Sinuntok ko ang buto nito sa siko. Napasigaw ito sa pagmamakaawa

hanggang sa bitiwan ko.

Agad na kumilos ang nauna. Bago pa man ito makasugod ay patalon ko na itong sinipa at natumba sa loob mismo ng kwarto.

Halos talunin ko ang hagdanan para makababa. Pasunod na sa 'kin ang ikalawang lalaki. Ang paningin ko ay natuon na sa ikatlong lalaking nakangisi sa harapan ko. Nasa likuran siya ng magkapatid, tutok ang parehong balisong sa mga leeg nito.

"Sumama ka na lang kung ayaw mong magkasakitan pa tayong pare-pareho," pormal nitong sinabi. Nagpatuloy ako sa paglapit, nawala ang ngiti sa kaniyang labi.

"Bitiwan mo," sabi ko, isang hakbang na lang ang layo.

Umatras sila. **"Sumama ka na sa—ah!"** Hindi niya na rin natapos ang sasabihin nang isaksak ko ang hawak kong balisong sa mismong kamay niya. Napabitiw siya kay Naih, sapilitang kumawala si Yaz.

Padarag kong hinila ang balisong na nakatarak pa rin sa kamay nito. Walang nagawa ang lalaki kundi ang sabayan ako. Kung hindi kasi ay mahihiwa ang kamay at buong braso niya na para bang cake. Itinarak ko ang balisong at kamay nito sa kahoy na pader, napahiyaw ito sa sakit no'n. Inikot ko ang isa nitong braso papunta sa likuran at siya ang iniharap sa ikalawang lalaki.

"Magaling ka," anang kabababa lang, hindi ko malaman kung biro iyon o paghanga. Seryoso na ito masyado kompara kanina na nagagawa pa niyang ngumiti at ngumisi. **"Bitiwan mo ang kasama ko, isa iyong pag-uutos."**

Sa sandaling iyon ay narinig ko ang paghugot ni Yaz sa kanyang espada. **"Umalis kayo nang tahimik dito, ngayon mismo,"** tugon ko.

"Wala ito sa plano!" biglang sigaw nito. Nababasa ko na ang galit sa mga mata niya. **"Bitiwan mo ang kasama ko o magkakasakitan talaga tayo, del Valle!"**

"Nang sandaling pasukin mo ang bahay na 'to, inaasahan kong isasaisip mong lalabas kang masakit ang katawan at may tama sa kung saan. Maling bahay ang pinasok ninyo."

"Handa kang masaktan kung ganoon?"

"Handa akong lumaban," mapangahas kong sagot. Natigilan ito, tumaas ang noo habang humahangos sa paghinga.

"Isa kang hangal na babae!"

"Totoo 'yan. At sa sandaling inilalagi mo dito ay unti-unti kitang nakikilala," mariin kong sinabi.

Pinakadiinan ko ang patalim sa kamay ng lalaking hawak ko, halos umikot ang ulo nito sa pagpalag. Batid ko kung gaano 'yon kasakit, kaya kong mas pasakitin pa 'yon. Hinawakan ko ang bonnet ng hawak kong lalaki, agad na nanlaki ang mga mata ng kaharap ko at kumilos! Talagang hindi ako magdadalawang-isip na hubarin ang bonnet nito, maasar lang sila.

"Ibibigay ko siya nang maayos," nakangisi kong sinabi na siyang pumigil sa akmang pagsugod ng kaharap. **"Pero isang maling pagkilos ninyo pa ay may mangyayaring hindi ninyo inaasahan,"** banta ko.

Pare-pareho silang nabigla nang hugutin ko ang balisong at sipain sa likuran ang lalaking hawak ko. Patapon itong napayapos sa kasamahan. Nagulat sila nang mabasa ang galit sa aking mga mata.

Bumaba ang isa pang lalaki at inakay ang sugatan palabas. Nanatiling nakatitig sa 'kin ang kaharap ko, batid kong siya rin 'yong naghihintay sa 'kin kanina sa labas ng pinto ko.

"Tandaan mo ang sinabi ko dahil madalang akong magbiro," sabi 'tsaka ibinato ang balisong na siyang tumarak sa pintong nasa likuran niya. Tinalikuran niya ako at akmang kukunin 'yon. **"Don't you dare touch it,"** patungkol ko sa balisong, hinarap akong muli nito. **"Not only will it kill you, it will hurt the whole time you're dying, I'm warning you."**

Wala man lang nagbago sa reaksyon ng mga mata nito. Walang senyales ng kaba o gulat sa kilos, hindi man lang natinag sa ginawa ko. Tinitigan ako nito nang matagal at malalim, tumango bago tuluyang umalis.

Nasulyapan ko ang pintuan kung saan lumabas ang tatlo. Hindi biro ang lakas ng loob nang huling nakaharap ko. Hindi ko malilimutan kung gaano kalalim ang mga titig niya. Mukhang gano'n din kalalim ang kaniyang galit.

"Fuck!" bulalas ni Yaz.

Sa sandaling iyon ay hindi ko napigilan ang sarili kong mapapikit at mapaluhod. Hindi kumakalma ang nagwawala kong dibdib kahit na anong gawin ko. Delikado ang gano'ng sitwasyon ko, kailangan kong pigilan ang sarili.

"Sinaktan ba kayo?" tanong ko. Pareho silang umiling.

"Sino ang mga 'yon, Max?" naiiyak na tanong ni Naih, panay ang ubo habang hawak ang leeg niya.

"Hindi ko kilala," tinanaw ko ang labas.

"Eh, bakit kung makipag-usap ka ay parang tropa kayo?"

Hindi ko na siya sinagot pa. Sumakit bigla ang ulo ko at nahilo. Napaupo ako sa sofa at inihilamos ang mga kamay sa mukha.

Paano nila nalaman ang tungkol sa 'min? Nauna si Maxwell, sumunod si Maxrill at ngayon naman ay ako. Ano ba ang ginawa namin sa inyo? Sino kayo?

"Maxpein, please tell us what is going on?" tumabi sa 'kin si Yaz.

"Hindi ko nga alam," pagsisinungaling ko, hindi magawang tumingin sa mga mata niya.

"I know you know something. Please tell us. We're not safe here anymore, Maxpein. Pinasok tayo at nag-aalala ako para sa lagay nating pareho—"

"Ate," pinigilan siya ni Naih. **"Hayaan na muna natin na makapag-isip si Max."**

Walang nagawa si Yaz kundi ang mapabuntong-hininga, dali-daling lumapit sa pinto at takot pa ring isinara 'yon. Hindi ko alam kung paanong sasabihin 'to sa pamilya ko. Natatakot din ako at nag-aalala, nililito sa halo-halong emosyon at naaapektuhan ang pagdedesisyon.

Kinabukasan ay nagising ako sa ingay ng magkapatid. Sa sala ako nakatulog. Dali-dali akong bumangon para tingnan iyong mga nagkakalampagan. Nagulat ako sa nakahilera nilang maleta.

"Saan ang punta ninyo?" Lumapit ako sa magkapatid.

Nagkatinginan ang dalawa bago sumulyap sa 'kin. Kunot-noong bumuntong-hininga si Yaz. **"We're not safe here, Maxpein, we're leaving. And you're coming with us."**

"Tss."

"I'm not joking, Maxpein."

"Wala akong planong makipagbiruan sa 'yo," inis kong sagot.

Lumapit si Naih. **"Natatakot kami ro'n sa mga pumasok dito kagabi, Max, sana maintindihan mo. Kapag nakarating 'to kina mommy't daddy ay paniguradong ganito rin ang sasabihin sa 'min. O baka nga pauuwiin kami bigla,"** mahabang kuda niya.

"Hindi na babalik ang mga 'yon," paniniguro ko.

"How sure are you?" mataray niyang tanong, halatang naiinis. **"Kahit pa hindi sila bumalik, we're no longer safe here, Max. Besides, hindi na 'to ang unang beses na may nangyaring ganito and you're aware of that. Tayo na mismo ang hindi ligtas sa lugar na 'to kaya kailangan na nating umalis."**

"And where do you plan to go?"

"Anywhere safe!"

Tss. Gusto kong matawa. *Kung sa school nga ay walang-habas silang nagmimilagro, ano pa kaya kung kami lang ang tao?*

"May nakita si ate na apartment sa The Venice," sabat ni Naih.

"Walang apartment do'n," kunot-noong sabi ko.

Kahit kailan ay hindi nagkaro'n ng apartment sa exclusive village na 'yon at nasisiguro ko 'yon.

"Meron, kapo-post lang online, six hours ago," giit ni Yaz.

"Apartment o binili mo?" maangas kong tanong, lumabi siya. **"Tss,"** inis akong nag-iwas ng tingin. *Pinasok na rin si Maxwell do'n. Hindi na sila mahihirapang hanapin kami kung doon kami lilipat.* **"Subukan ninyo pang humanap sa ibang lugar."**

"Wala na kaming mahanap," pagmamatigas ni Yaz. **"And besides, ngayon pa ba naman tayo mamimili o maghahanap? What if pasukin na naman tayo mamayang gabi? Magagaling ang mga 'yon, Maxpein. Look, maayos nilang nabuksan ang doors."**

"Doon na lang tayo, Max. Nando'n naman si Maxwell," sang-ayon ni Naih. **"Tama si ate, hindi yata tamang ngayon pa tayo maghanap. Feeling ko nga dapat ay kagabi pa tayo umalis."**

"'Wag na ro'n," pagmamatigas ko rin.

"Bakit naman hindi?"

Hindi ko masabi ang nangyari kay Maxwell. **"Basta, 'wag do'n."**

"You're coming with us or you'll stay here?" mataray na tanong ni Yaz, namaywang pa.

"Kahit naman lumipat tayo ay gano'n pa rin," inis kong sabi. **"Doon na lang muna tayo sa mansyon habang naghahanap tayo ng malilipatan—"**

"Anong gano'n pa rin?" inis na ani Yaz.

"Makikita at makikita nila tayo kung talagang tayo ang puntirya. Ikaw na nga ang nagsabing magaling ang mga 'yon, eh, di bale-wala ang paglilipat."

"Hindi ba nakakahiya sa mansyon?"

"Bakit ka naman mahihiya?"

"Syempre," pag-iinarte niya.

"Hindi na 'ka mo ligtas dito, hiya pa ba naman ang uunahin mo?"

"Pero—"

"Nando'n si Maxwell."

"My god," agad na nagliwanag ang mukha ni Yaz.

"Tss. Sige na, tapusin niyo na 'yan, maliligo na 'ko."

"Oo sige, ang baho ng hininga mo, eh," ani Naih.

Bwisit!

DEIB'S POV

HINDI mawala sa isip ko ang huling usapan namin ni Eerah Anitha. Nag-aalala ako sa lagay ni *Noona* at kaniyang pamilya. Panay ang bangon ko sa kama at paikot-ikot na naglalakad. Iniisip, nag-aabang sa kung ano ang mangyayari. Bitin na bitin ang tulog ko pero hindi naging hadlang 'yon para magising ang diwa ko. Tinawagan ko si *Noona* para mangumusta.

"Ang aga mo namang tumawag?" nagrereklamo niyang sagot.

"*Noona*!" excited kong tawag. **"Kumusta kayo kagabi? Okay lang ba kayo diyan? Wala bang... ano?"**

"Huh?"

"I mean...how are you?"Napabuntong-hininga ako.

Sa pag-iisip ko kagabi ay nahati ang utak ko sa dalawa. Ang 60% ay nagsasabing wala akong tiwala kay Eerah Anitha, ang 40% pa ay naniniwala sa kaniya. Hindi ko maipaliwanag kung bakit nanaig pa rin sa 'kin ang 40% na 'yon at nauwi sa desisyong 'wag na lang sabihin ang mga nalalaman. Nag-aalala akong baka makarating sa mga Rewis na may nalalaman na rin kami at lalong mapahamak. Nakakabobo ang pagdedesisyon sa ganitong sitwasyon. Kulang na kulang ang mga nalalaman ko lalo na pagdating sa decision-making. Maging kay Taguro ay napagdesisyunan kong hindi na sabihin.

"We're always fine, *dongsaeng*. Masaya, syempre, kasi gumigising ako araw-araw kasama ang baby ko at ang daddy niya," masaya nga niyang kwento, hindi ko halos naintindihan ang karamihan sa kaniyang sinabi. **"Bakit bigla ka yatang nangumusta ngayon? May kailangan ka, 'no?"**

"Ano? Tch! Wala, ah!"

"'Sus, eh, bakit malambing ka yata?"

"Kailan pa naging lambing ang pangungumusta? Tch! You're stupid!" kahit papaano ay nakahinga ako nang maluwag.

"Oh, come on, brother, ang sabihin mo, nami-miss mo 'ko!"

"Si RD, oo! Ikaw at 'yang bibig mo, hindi!"

"Really?"

"Tch."

"Don't worry, pupunta kami dyan sa Sunday. Pag-uusapan namin ni mommy ang tungkol sa celebration mo. Syempre, dalaga na ang bunso niya kaya kailangang *en grande*."

"Huh?"

"It's your birthday, right?"

Oh! Oo nga pala! **"Nawala sa isip ko, *Noona*."** *Ang dami ko kasing iniisip, Noona. Parang lalo akong tatanda nito!* **"Bakit hindi pa ngayon? Sasali ako sa usapan ninyo."**

"It's too early to plan now, *dongsaeng*," natatawang aniya.

"Eh, di mamayang tanghali?"

Natawa siya. **"I mean, it's too early to talk about it. Ilang araw pa bago ang birthday mo. Besides, kaunting preparation na lang naman dahil kilala mo si mommy. Lahat ay idinadaan sa planner at catering niyan."**

"Pero, *Noona*..."

"What?"

"Stay here for a few weeks."

Natawa siya. "Bakit ba?"

"Gusto ko ngang nandito kayo."

"*Dongsaeng*, malalayo ang hospitals kung saan nagdu-duty si Randall."

"Ilang kilometro lang naman ang layo nito. Sige na."

"Nami-miss mo 'ko, 'no?"

"Oo na, kayo ni RD!" Ang totoo ay gusto ko lang na nandito sila para hindi na ako isip at mag-alala.

It's better if they're here. Makikita at mababantayan namin sila. Kaysa doon, hindi ko malalaman kung kailan mangyayari ang sinabi ni Eerah.

Magsasalita na sana uli ako nang matinag sa ingay mula sa labas. **"Ano 'yon?"**

Lumabas ako sa terrace. Nagulat ako nang makita ang napakaraming taong nagwewelga sa harap ng bahay namin.

"IBALIK ANG KAPAYAPAAN NG BIS! IBALIK! IBALIK! IBALIK ANG SEGURIDAD NG BIS! IBALIK! IBALIK!" paulit-ulit at sabay-sabay na sigaw ng mga ito.

"What's that noise?" ani *Noona*. Dali-dali akong bumalik sa kwarto at napalunok.

Totoo ba 'yon?

"Deib Lohr?"

"May nagwewelga sa labas ng bahay," natutulirong sabi ko. **"I'll talk to you later, *Noona*, I'll go downstairs. Bye."**

Mukhang hindi lang ako ang nagulat nang makababa. Nagmamadaling sumilip sina mommy at daddy sa bintana kung saan kasalukuyang nakatunghay si Manang.

"What's the meaning of this?" asik ni daddy.

"IBALIK ANG KAPAYAPAAN NG BIS! IBALIK! IBALIK! IBALIK ANG SEGURIDAD NG BIS! IBALIK! IBALIK!"

Paulit-ulit na isinigaw ng mga tao ang ipinaglalaban. Pinigilan sila ng guards ngunit walang nagpatinag.

"Oh, god," natutop ni mommy ang sariling bibig.

Sa sandaling iyon ay pare-pareho kaming natahimik, pinanood ang mga taong iyon sa labas. Lahat kami ay hindi alam ang gagawin, binalot nang matinding kahihiyan. Kahit hindi nila sabihin alam ko na ang dahilan nito.

Mayamaya lang ay mas nadagdagan pa ang mga nagwewelga. Nagkalat na rin ang media. Nasa unahan ang reporters, nakatutok sa bahay ang cameras nila.

Nang sandali ring iyon ay pumarada ang sasakyan ni Chairman. Agad na humarang ang mga tao, mas lumakas ang ingay. Salamat sa guards ng mga Moon, may prumotekta sa Chairman nang bumaba ito.

"IBALIK ANG KAPAYAPAAN NG BIS! IBALIK! IBALIK! IBALIK ANG SEGURIDAD NG BIS! IBALIK! IBALIK!"

"*Sesanghe*!" agad na bulalas ng Chairman, dali-daling naupo at sinapo ang noo. **"I can't believe this is happening!"**

"Chairman, please calm down," pakiusap ni mommy.

"How can I calm down in this kind of situation?" nakalahad ang mga kamay na tugon nito. **"Napakaraming tao ang nagrereklamo. Ngayon naman ay nagsisipagwelga ang mga iyan? *Sesanghe*! Nananakit ang dibdib ko!"**

"Chairman," agad na umalalay si mommy.

"Nakausap ko ang mga lecturer, faculty at staff," salaysal ni lolo. **"Wala maski isang estudyanteng pumasok."**

Totoo?

"May mga magulang at ilang estudyanteng nagra-rally sa labas ng school. Agad akong ipinatawag nang dahil doon," dagdag ni lolo.

"Sinubukan kong makiusap pero hindi umubra. Galit ang mga magulang, naiintindihan ko naman sila. Pero hindi ko alam kung anong dapat gawin. Wala akong kakayahang pigilan ang mga insidente. Hanggang ngayon nga ay hindi matukoy kung sino ang nasa likod nito."

"Ano na lamang ang masasabi sa atin ng mga tao? Diyos ko!" bulalas ng Chairman, yumuko, humahangos.

Natahimik ako sa tensyonadong usapan. Inilahad pa ng Chairman ang problema. Maraming gustong magsampa ng kaso laban sa BIS dahil sa sunod-sunod na insidente. Malaking problema at kahihiyan 'yon.

At nakakapraning ang laman ng isip ko. Panay ang pagsulpot ng mga napag-usapan namin ni Eerah Anitha sa pandinig at utak ko. At parang gusto kong ilabas ang lahat ng iyon ngayon. Gusto kong sabihin sa kanila ang lahat ng nalalaman ko na para bang mareresolba no'n ang problemang kinakaharap namin. Pero natatakot ako, kinakabahan, naduduwag. Paano kung magkatotoo ang sinabi niyang lalo kaming mapapahamak kapag ipinaalam ko 'to sa iba? Paano kung maging mitsa pa 'yon ng buhay namin? Mas maigi bang manahimik na lang ako? O magsalita para makatulong kahit papaano?

Hindi ko alam.

"IBALIK ANG KAPAYAPAAN NG BIS! IBALIK! IBALIK! IBALIK ANG SEGURIDAD NG BIS! IBALIK! IBALIK!"

"Hah! At isinisisi pa nila sa mga Rewis ang nangyayaring insidente?" mayamaya'y bulalas muli ni Chairman. **"Hindi lamang nila nalalaman ang naitutulong sa atin ng mga iyon! Nakakahiya para sa pamilya nila dahil nadawit ang pangalan!"**

Ilang saglit pa ay mas nangibabaw ang ingay. Agad na lumapit si Manang sa bintana at sumilip. **"Nandito ang mga Moon."**Pakiramdam ko ay nanindig ang mga balahibo ko. Kakaiba talagang kumilos ang pamilyang ito.

Nilingon ko ang Chairman, sumama ang kaniyang mukha. Napatayo at galit na sumulyap sa amin.

Bumuntong-hininga si lolo. "Tinawagan ko sila upang pumarito—"

"Ano?" singhal ni Chairman.

"Kailangan nilang malaman ang tungkol dito, Chairman."

"At bakit?"

"Dahil karapatan nilang malaman iyon."

"Hindi nila pag-aari ang BIS at maging ang lupaing kinatatayuan niyon ay wala na silang karapatan! Ano ang karapatang sinasabi mo ngayon, Dei Min? Ako ang may karapatan! Karapatan kong malaman na ipinatawag mo sila pero hindi mo sinabi sa akin!"

"Dahil alam kong hindi ka papayag, Chairman."

"Kung mayroon kang dapat na hingan ng tulong—iyon ang mga Rewis! Hindi ang mga Moon na iyan! Ano ang maitutulong nila sa atin?"

Rewis? Bakit sila?

Napamura ang Chairman sa galit. Ngunit wala nang nagawa nang patuluyin ni daddy ang mga Moon.

May kung anong nabuhay sa 'kin nang makita si Taguro. 'Ayun na naman 'yong pakiramdam na parang ayos na ang lahat. Iyong pakiramdam na ligtas na kami. Iyong pakiramdam walang pwedeng mangyaring masama sa aki dahil nandoon siya. Nagtama ang paningin namin, wala man lang nagbago sa reaksyon niya. Silang tatlo lang nina Mokz at Chairman Moon ang naro'n.

"Magandang umaga," bati ni Chairman Moon, pormal at seryoso ang mukha.

"Ano ang maipaglilingkod namin sa inyo, Chairman Moon?" naging mahirap para kay Chairman ang magbigay respeto. Bakas na bakas ang galit at pagkainsulto sa tinig at hitsura niya.

"Nabalitaan ko ang tungkol sa mga taong narito ngayon," ipinilig ni Chairman Moon ang ulo. **"Alam ko na ang tungkol dito."**

"May maitutulong ba kayo kung ganoon?" hindi napigilan ni Chairman ang maging sarkastiko.

"Taguro..," bulong ko. Nilingon niya 'ko pero walang nagbago sa hitsura niya. **"Ayos ka lang ba?"**

"Oo, ikaw?"

"Ayos lang din,"pagsisinungaling ko.

Masaya akong makita siya ngayon pero pakiramdam ko ay may kulang. Hindi kompleto ang saya ko dahil may napakalaking problemang nakaharang.

Sasabihin ko ba sa kaniya? Kung gagawin ko ba 'yon ay maniniwala siya? Kung maniwala man siya, papayag ba siyang ilihim ang mga 'yon sa lahat at manatiling sa 'ming dalawa? Tsk. Damn it! Nalilito ako! Hindi ko alam ang gagawin ko, Taguro. Pati sa 'yo ay natatakot ako. Bukod do'n ay

ikinatatakot ko ang mararamdaman mo. Bakit kailangang mangyari lahat nang 'to? Kailan tayo magsasama nang matino, tahimik at payapa? Bakit simula nang dumating ka sa buhay ko ay naging masaya ako pero parang naging delikado rin ang buhay ko? Hindi kita sinisisi, nalaman ko ang tunay na ibig sabihin at pakiramdam ng saya. Pero hindi ko maintindihan ang pagkakataon, bakit kasunod mo ay ang mga kakaibang pangyayari sa buhay ko? Ano ba 'tong iniisip ko?

"Hindi natin masisisi ang pamilya ng mga estudyante, ako man ang nasa kanilang lagay ay magrereklamo rin," ani Chairman Moon na siyang tuminag sa 'kin.

"Ano ang nararapat naming gawin sa ngayon? Paano namin mapapahinto ang mga bagay-bagay na hindi namin malaman kung ano ang pinagmumulan?"

"Bakit kaya hindi mo subukang makipag-ugnayan sa misteryosong tao na pinupuntirya ang buhay mo? Alamin mo kung bakit kailangang umabot sa ganito?" suhestiyon ni Chairman Moon.

"Sinasabi mo bang hintayin ko ang pagbabalik nila?"

Nagkibit-balikat si Chairman Moon. "Mukhang hindi mo naman alam kung saan sila pwedeng puntahan, siguro ay ganoon na nga."

"Paano ko gagawin iyon kung sa tuwing darating sila ay namemeligro ang buhay ko?" bulalas ni Chairman. **"Hindi nakakatulong ang usapang ito, Chairman Moon. Pasensya na pero ako at ang pamilya ko ang kailangang humarap dito. Hindi namin kailangan ang tulong ninyo."**

"Paano ang pamilya namin?" sa hindi inaasahan ay sumabat si Taguro.

Nilingon siya ni Chairman Enrile. **"Ano naman ang kinalaman ko sa pamilya ninyo?"**

"Nadadamay kami sa nangyayari, Chairman Enrile."

"Ano ang ibig mong sabihin, Taguro?" hindi ko napigilang magsalita.

Bumuntong-hininga siya, sumulyap sa 'kin bago tumingin kay Chairman. **"No'ng isang gabi ay pinasok ang bahay ni Maxwell. Kahapon ay tinangkang dukutin si Maxrill. At kagabi ay pinasok ang apartment na tinutuluyan ko."**

"Ano?" nagulat kaming lahat.

Nanatiling nakatingin kay Chairman si Taguro. **"Ano ang ginawa ninyo para umabot sa ganito ang lahat, Chairman Enrile?"**

"Taguro..."

Napatayo sa gulat si Chairman Enrile, galit na lumapit kay Taguro. **"At sino ka para sisihin ako sa mga bagay na maging ako ay hindi nalalaman ang dahilan? Ano ang patunay mo para pag-isipan ako nang ganiyan?! Wala kang modo!"**

"Nagsimula ang lahat sa Palawan, Chairman Enrile. At lahat nang nando'n ay iniisa-isa nila ngayon."

"At ako nga ang iyong sinisisi?"

"Kayo ang target."

"Kung ganoon ay ako nga ang iyong sinisisi?"

Hindi agad sumagot si Taguro. **"Ikinahihiya kong sabihing oo, pero ayaw kong magsinungaling at sumagot nang hindi."**

"Bastos ka at walang-modo!"

"You have to control your anger, Chairman, it's a letter away from danger." Kalmadong kalmado si Taguro nang sabihin 'yon. **"Humingi ka na ng tulong sa kinauukulan, Chairman Enrile. Sa tingin ko ay hindi basta-bastang tao ang nakabangga mo. Alalahanin mo rin kung sino ang nagawan mo nang mali, makakatulong 'yon..."** Natigilan si Taguro sa sinasabi at inilabas ang cellphone mula sa bulsa. Sandali niyang tinitigan ang screen saka sinagot. Hindi siya nagsalita, pinakinggan lang ang kabilang linya. Nakita ko nang bahagyang manlaki ang mga mata niya saka nangunot ang noo.

"We have to go," baling niya kay Mokz. Nag-alala ako at kinakabahan sa pagiging seryoso niya.

"Taguro," agad akong lumapit upang pigilan siya, natutuliro. **"I have to tell you something important—"**

"We have to go now, Sensui. Let's talk next time."

"May gusto akong sabihin sa 'yo," wala sa sariling sabi ko. **"Importante 'to, maniwala ka sa 'kin."**

Napabuntong-hininga siya, inalis ang kamay kong nakahawak sa braso niya. **"Kailangan ako ng pamilya ko ngayon, Sensui. 'Tsaka na tayo mag-usap,"** aniya 'tsaka sumunod sa mga lolo niya.

Bumagsak ang mga balikat ko habang tinatanaw ang paglayo niya. Napapikit ako sa panghihinayang. Kung hindi lang ganito ang naging sitwasyon ngayon baka sakaling mas nakapag-isip ako nang tama. Pero hindi ko rin malaman ang sarili ko kung bakit biglang gusto ko na lang sabihin kay Taguro ang nalalaman ko.

Makasarili ako. Hindi ko man lang naisip kung ano ang nangyari bigla sa kaniyang pamilya.

SIN'S POV

"NAGKAKAGULO na ang mga hangal," ani daddy mula sa aking harapan.

Pareho kaming palihim na nakamasid sa di kalayuan sa bahay ng mga Enrile. Tinatanaw naming pareho ang paglabas ng mga Moon mula sa bahay niyon.

"Bibigyan natin sila nang maikling bakasyon 'tsaka natin paunlakan ng ultimatum."

"Pero kung pwede ay 'wag na sa paaralan para matahimik naman ang mga estudyanteng hangad lamang ay ang makapagtapos ng pag-aaral."

"Tama," tumango-tango si daddy. **"Sila na lamang ang ating pupuntiryahin,"** natawa siya bago tuluyang humarap sa akin. **"Tawagan mo ang babaeng iyon ng mga Moon saka mo tawagan ang mga Enrile. Nakatanggap ako ng imbitasyon mula sa kanila. Kaarawan ng binatang Enrile."**

"Ano ang mapapala natin sa babaeng Moon?"

"Mahusay siya ayon kay Christian. Gusto kong malaman kung uubra siya sa iyo."

Nakangisi akong tumango. Kanina pa man ay sabik na sabik na akong makausap ang Maxpein na iyon. May kung ano sa kaniyang nakakaagaw ng atensyon at interes.

Ginawa ko nga ang sinabi ng aking ama. Tinawagan ko ang babae at matapos ang limang ring ay sinagot niya iyon. Ngunit hindi siya nagsalita, pinakinggan lang ako. Nagtama ang paningin namin ng aking ama. Nagtaas siya ng noo habang nanlilisik ang matatalim na mata.

"Kumusta, Maxpein Moon? Nagustuhan mo ba ang mga munting regalong nangyayari sa pamilya mo?" natatawa kong tanong.

"Sino 'to?"

"Ako ang nagmamay-ari ng mga mata sa likod mo."

"Ano ang kailangan mo?"

Maangas talaga. Gusto kong humalakhak. **"Buhay,"** mariin kong sinabi 'tsaka nawala ang ngiti sa aking labi. Napalitan iyon ng kakaibang galit na tanging sila lamang ang may kakayahang buhayin. **"Buhay ang kailangan**

ko. Kaya mo ba iyong ibigay? Buhay ang nawala sa amin kaya buhay rin ang aming kukunin."

"Iisa lang meron ako, ilan ba ang kailangan mo?"

Natigilan ako, nanlaki ang mga mata. Nagtiim ang aking mga bagang bago sarkastikong ngumisi. **"Mapagbiro ka."** Pinilit kong ngumiti.

"Hindi sa mga taong mabagal makakuha."

"Isa kang hangal, Maxpein. Magdahan-dahan ka sa iyong sinasabi, hindi malayong pagsisihan mo iyan sa huli." Sinikap kong kumalma pero nabigo ako. Sa sandaling iyon ay parang gusto kong bumaba ng sasakyan at batuhin ng granada ang kotse nila. Nangangatal ako sa galit. **"Hindi ko gusto ang tabas ng dila mo. Huwag kang mag-aalala pauunlakan kitang muli at ang iyong pamilya. Sisiguruhin kong higit pa sa naranasan ninyo ang mangyayari. Mamemeligro kayo sa lahat ng oras at pagsisisihan mong nagbiro ka sa akin."**

"You speak too much of danger," natatawang aniya.

Lalong nag-igting ang galit ko at nakukuha iyon ng Chairman. Dahilan upang mas manlisik ang mga mata niya. **"Mukhang hindi ka natatakot sa akin?"** patanong kong sinabi.

"Hindi ako naniniwala sa multo, masyado na akong matanda para ro'n. Hindi rin ako natatakot sa banta ng tao, puwera na lang kung haharapin ako ng mga 'yon."

"Hinahamon mo ba ako?"

"Kung gano'n ang dating sa 'yo."

Humalakhak ako. **"Sinisiguro kong magsisisi ka sa lahat ng sinabi mo ngayon,"** nagpatuloy ako sa pamemeke ng tawa, pikong-pikon na. Natutuwa ako sa kaniya at nalilibang, pero lamang ang galit sa 'kin at lalo iyong nadaragdagan. **"Dahil bawat lugar na puntahan mo at ng iyong pamilya ay magiging mapanganib. Sinisiguro ko sa iyo iyon."**

"But you're already in the wrong place. This is a danger zone." Hindi kapani-paniwalang sinabi niya pa rin iyon sa malumanay na paraan, sa kabila nang pagbabanta ko sa kaniyang buhay. **"Mas takot pa ako sa insekto kaysa sinasabi mo."**

Hindi ko napigilan ang sarili at ibinaba ko ang linya. Sasabog na ang galit ko. At kung hindi ko iyon pipigilan ngayon ay kikilos na ang katawan ko ayon sa aking naiisip.

"Kumalma ka, anak, may tamang oras para riyan," ani Chairman. Hindi ko na siya nagawang tingnan.

Napako ang paningin ko sa sasakyan ng mga Moon na noon pa lamang nilisan ang lugar.

Magsisisi ka, Maxpein. Ang bawat salitang binitiwan mo ay may kaukulang pagsisisi.

~To Be Continued. . .~

OceanofPDF.com

CHAPTER 192

SIN'S POV

KINABUKASAN ay inaasahang kong makapagpapahinga ako ngunit hindi iyon nangyari. Binantayan ko ang mga tauhan ni Christian na nasaktan nang pasukin nila ang bahay ni Maxpein. Malala ang tinamo nitong pareho. Ang isa ay bali ang buto sa braso. Habang ang isa naman ay may nalagot na ugat dahilan upang hindi na muling maigagalaw pa ang isa sa mga daliri niya.

Hindi ko naiwasan ang magtaka. Kung hindi nga lang ako magiging bastos ay uunahin ko na sana ang kagalitan sila. Pero hinayaan ko na munang magamot at makapagpahinga sila bago ako nag-usisa.

"Ang sabi mo ay wala roon kagabi si Maxpein?" panimula ko.

Nilingon ako ni Christian, bumuntong-hininga bago nagsalita. **"Iyon ang inaasahan namin pero nagkamali kami."**

"Paano mo nalamang naroon siya kung ganoon?"

"Dahil sa amoy niya." Totoo ang bagay na iyon, nagawa naming sauluhin ang amoy ng magkakapatid. Magkakaiba ang mamahaling pabango na gamit nila kaya may pagkakakilanlan ang bawat isa. Matapang iyong sa panganay at sa babae, pangsanggol naman ang sa bunso. Hindi na ako magtatakang malaman ni Christian na naroon siya dahil malakas ang amoy ng pabango ni Maxpein.

"At isa pa ay nagpanggap lang akong walang nakita. Nang pasukin ko ang kwarto niya ay batid ko nang may tao roon," dagdag niya. Sandaling nangibabaw ang katahimikan sa pagitan namin.

"Hindi ko inaasahang uuwi kayo sa ganitong sitwasyon," tiim-bagang kong sinabi. Bumuntong-hininga siya. **"Hindi ko agad kayo nagawang asikasuhin kagabi dahil ipinatawag ako ng Chairman. Gusto kong magalit, Christian, wala sa usapang mananakit kayo—"**

"Hindi," agad niyang tanggi. Nilingon ko siya. **"Maniwala ka sa akin, walang nasaktan sa kanila."**

Lalo ko naman iyong ipinagtaka. **"Paano iyong nangyari?"**

"Maswerte pa akong hindi dumapo sa akin ang kamay niya," iiling-iling at peke ang pagngising dagdag niya.

Nilingon ko siya. Batid kong si Maxpein ang tinutukoy niya. Natigilan ako at napaisip.

Gano'n siya kalupit?

Pareho kaming tahimik na pinapanood ang paglalanggas ng doktor kay Mateo, ang sinaksak sa kamay ni Maxpein.

"Totoo nga ang dinig ko, matinik ang babaeng iyon. Base sa nakita ko ay hindi ko na yata dapat na ipagtaka iyon." Muling umiling si Christian. Sa hitsura niya ay para bang delubyo ang sinugod niya.

"Saan naman kaya niya natutunan ang ganoon? Ang lumaban." Nahiwagaan ako.

Umiling siya. **"Hindi ko alam, gaya natin ay wala silang pagkakakilanlan."**

Kumunot ang noo ko saka tuluyang hinarap siya. **"Ano ang ibig mong sabihin, Christian?"**

"Kilala mo ako. Kinikilala ko ang tao bago ko tinatrabaho. Wala akong makalap na impormasyon tungkol sa mga Moon. Kung ano at sino sila ay hindi ko alam. Isang pagkakamali ang puntahan sila nang walang sapat na nalalaman."

"Ano?"

Tumango siya. **"Gaya nang sinabi ko, wala silang pagkakakilanlang gaya natin. Ang tanging nalaman ko ay mayaman sila at makapangyarihan. May kakayahan silang bumili ng mga lupain. Ang karamihan sa nasasakupan nila ay pinatatayuan nila ng ahensya mapakikinabangang ng mahihirap, iyong mga walang pera."**

"Iyon lang?"

Nagkabit-balikat siya. **"Well, aside from what I heard from the police station."**

"What is it?" nabuhay ang kuryosidad ko.

"Nalaman kong may isang record si Maxpein sa kalapit na police station. Mahirap mag-usisa dahil maingat sumagot ang pulis na nakausap ko. Ang kaso ng mga suspek ay attempted rape."

"Attempted rape?" hindi makapaniwalang pag-uulit ko.

Tumango lang siya. **"Minsan umano siyang napag-trip-an ng mga lasing sa nasakyang jeep,"** maikling kwento niya. Nalilito akong nag-isip. **"May mga nalaman din ako sa BIS Hospital tungkol sa kaniya. May**

ilang beses siyang dinala sa ospital dahil nabu-bully sa school," iiling-iling na namang aniya na para bang litong-lito.

Maging ako ay nalito. **"Attempted rape at biktima ng school bullies—parang hindi akma ang mga sinasabi mo sa deskripsyong ikinuwento mo sa akin kagabi lang, Christian."**

"Hindi ko alam, kahit na ako ay nalilito. Ang mga bagay na iyan ay nalaman ko bago ko pa pasukin ang bahay nila. Kaya nga ganoon na lamang ako kakampanteng wala silang laban sa amin. Pero nagkamali ako nang magkaharap kami." Huminga siya nang malalim, tumitig sa kung saan na para bang inaalala ang sandaling nakaharap niya ang babae. **"Kakaiba ang mga kilos niya, maingat pero mabilis,"** mariin niyang sinabi 'tsaka tuminging muli sa akin. **"Sa tingin ko ay may mga inililihim din sila."**

"Tulad ng ano?"

"Hindi ko alam."

"Walang saysay ang sinasabi mo."

"Maniwala ka sa akin, Cargosin. Naging mahirap sa akin ang kumalap ng impormasyon tungkol sa pamilyang iyon. Kaya hindi ko masasagot ngayon ang mga tanong mo. Pero kakaiba ang kutob ko. Alam kong merong itinatago ang mga iyon sa kanilang pagkatao. Ang kilos ng babaeng iyon ay kakaiba."

Lalong kumunot ang noo ko. Kakaiba sa pakiramdam ang hiwaga nila. **"Alam ba ito ng Chairman?"** patungkol ko sa aking ama.

Umiling siyang muli. **"Hindi ko maaaring sabihin. Masakit pa ang dibdib ko mula sa malakas na pagkakasipa ng babaeng iyon para makatanggap ng panibagong sakit mula sa kamay ng iyong ama. Paniguradong magagalit siya kapag nalaman niyang wala akong nalaman tungkol sa mga Moon maski isa. Masasaktan ako kapag nakarating sa kaniyang ang tanging nalalaman ko ay ang mga bagay na nasabi ko na kanina."**

Naiintindihan ko siya, ayaw ko rin na mapahamak siya. **"Kung ganoon ay may nalalaman ka bang ibang paraan para mas makilala natin sila?"**

"Ang huwag magpadalos-dalos," seryoso niyang sinabi 'tsaka hinarap ako. Kumunot naman ang noo ko. **"Sinabi ko na sa iyo noon na tigilan na muna natin ang pagmamadali. Maikling panahon pa lamang ang meron sa pagitan natin. Hindi kataka-takang paghinalaan nila tayo sa**

mga pangyayaring ito. Lalo pa at bago tayo sa kanilang lahat. Sundin natin ang plano, Sin. Huwag kayong magdesisyon base sa nararamdaman ninyong galit ng iyong ama. Kung ganito nang ganito ang gagawin natin ay hindi malayong maunahan nilang makilala tayo kaysa ang makilala natin sila. Hindi ko makakalimutang sinabi sa akin ng babaeng iyon na habang naglalagi ako sa harap niya ay unti-unti niya akong nakikilala."

"Hindi kita maintidihan, Christian."

"Sa tingin ko, gaya nang ginawa natin sa mga Enrile ay kilalanin na muna natin sila. Kunin natin ang kanilang loob hanggang sa magkaroon tayo ng pagkakataong kumilos."

"Ngunit hindi ba't may ideya na sila tungkol sa atin?"

"Kung sigurado ang bagay na iyan, bakit hindi sila gumagawa ng hakbang laban sa atin? Bakit hindi nila tayo puntahan para kausapin? Posibleng tama tayo pero hindi rin imposibleng nagkakamali tayo. Ang tanging nasisiguro ko ay nag-aalangan silang pagbintangan tayo dahil wala silang hawak na ebidensya."

Natahimik ako. Totoo ang kaniyang sinabi. Ang mga pagkilos namin ay nahahadlangan at ang nakikita naming dahilan ay ang mga Moon. May nakapagsabi sa amin na kumikilos ang pamilya nila para tulungan ang mga Enrile. At bukod doon ay upang alamin kung may kinalaman ang mga taong nasa likod nito doon sa mga nangahas umanong pasukin ang kanilang teritoryo. Pero aaminin kong hindi isandaang porsyento ang kasiguraduhan namin sa bagay na iyon. Hindi kapani-paniwalang hindi sila nag-iingat pero hindi namin sila maisahan. Ngayon lamang nga ay sinabi ni Christian na wala siyang mahitang impormasyon tungkol sa mga ito. Parang imposible pero iyon ang nangyayari.

Tama nga ba ang banggain namin ang mga taong ito? Masyado talaga silang interesante. Nagkaroon ako nang pag-aalinlangan sa puso't isip ko at kasabay noon ay ang munting kaba sa aking dibdib.

"Magagaling silang kumilos, Sin, maniwala ka sa akin. At batid mo ang bagay na iyon mula pa sa Palawan. Sa tingin ko ay kailangan din nating mag-ingat sa kanila," natinag ako nang muling magsalita si Christian. **"Kung ang babaeng iyon ay hindi namin nagawang isahan, paano na ang iba pa?"** Napatitig ako sa kaniya, nadagdagan ang kaba. **"Ngunit kapansin-pansing siya lamang ang sumusugod sa kanilang lahat. May kakaiba sa babaeng iyon."**

"Paanong kakaiba?"

"Basta, kakaiba," aniya, mukhang hindi rin maipaliwanag ang laman ng isip.

Hanggang sa makabalik sa aking silid ay hindi na naalis pa sa isip ko ang mga sinabi ni Christian. Maging ako ay napaisip tungkol sa katauhan ng mga Moon, lalo na kay Maxpein. Noong simula pa lamang ay batid ko nang matapang siya, handang masaktan at mas lalong handang lumaban. Pero ang bagay na iyon ay hindi ko binigyan ng kahulugan. Natural lang kasi ang mga kilos niya para sa isang kapamilya, ang ipaglaban sila. Ngunit nagkamali ako nang ako mismo ang magbigay ng limitasyon sa kakayahan niya. Handa siyang kumilos sa kakaibang paraan, handang gawin ang mga bagay na kahit kailan ay hindi pumasok sa isip ko dahil imposible. Nagkamali ako sa isiping hanggang doon lang ang kaya niyang gawin. Mukhang may ibubuga pa siya.

May nabubuhay palang ganoong klase ng babae? Kahanga-hanga.

Pinanahimik namin ang buhay ng mga Enrile at Moon sa lumipas pang mga araw. Ginawa namin iyon hindi para sa kanila kundi para sa mga nadadamay. Para makuha nang todo ang tiwala ng mga Enrile, kinausap namin ang mga pamilyang nais magsampa ng kaso sa kanila. Nakakatawa ang matinding paghanga sa 'min ni Chairman Enrile nang dahil do'n. Hindi siya makapaniwalang sa simpleng imbitasyon at pakikipag-usap sa mga ito ay nagawa namin silang pakiusapang iurong ang kaso. Nangako rin kaming babalik na sa katiwasayan ang paaralan at hindi na nila kailangang mangamba sa pag-aaral ng kanilang mga anak. Para sa Chairman ay mahirap iyon. Pero para sa aming nasa likod ng mga pangyayari ay madali lang.

"Ang sarap nilang paglaruan," natatawang sabi ng Chairman habang sumisimsim ng alak. **"Para silang mga daga na umiikot sa isang malawak na kulungan at nagmamakaawa sa katahimikan."**

"Hayaan na natin ang iba tutal ang mga Enrile naman ang ating puntirya," sabi ko.

Ayaw kong makalimot sa pagpapaalala sa Chairman, gusto kong isaisip niya parating ang mga Enrile lang ang target namin. Sa t'wing magagalit kasi siya ay basta na lamang siyang nag-uutos, walang pakialam kung sino ang madamay.

Nasa ganoon kaming sitwasyon nang mag-ring ang cellphone ko, napangisi ako nang makita kung sino ang tumatawag. **"Excuse**

me,"tumango ako sa Chairman 'tsaka lumabas ng kwarto. **"Randall."**

"Makakapag-duty ka ba ngayon, bro?"

"Oo naman, saan?"

"Papunta ako sa Sta. Cruz ngayon. Code white sila at kailangan ng medical team. Are you free?"

"Sure, I'll be there."

"Nice! I'll see you, then! Take care. Thanks, bro!"

"You're welcome," nakangisi kong sabi 'tsaka ibinaba ang linya. *Maiiwan ang mag-ina niya.*

Dali-dali akong kumilos at nagpaalam na may duty. Nakakatawang isipin na pare-pareho kaming nagbigay ng habilin sa isa't isa na huwag gagawa ng maling kilos nang walang pahintulot ng bawat isa sa amin.

Ilang oras ang byahe bago ko narating ang provincial hospital na tinukoy ni Randall. Noong una ay may kakaibang pananabik sa dibdib ko ngunit nawala iyon nang mangibabaw sa akin ang isang alaala. Ang pagkawala ng aking ina. Bumalik sa alaala ko ang pangyayari nang gabing iyon. Gaya noon ay napakaraming tao ngayon sa harap ko ang nagmamakaawang madugsungan ang kanilang buhay. Ngunit kulang na kulang ang medical team. Gusto kong purihin ang sarili dahil nakarating agad dito ako.

Agad kong isinuot ang white gown at isinabit ang stethoscope sa aking balikat 'tsaka nagsimulang dumulog sa mga nangangailangan. Sa sobrang dami nang nasaktan ay hindi na ako nagawa pang hingan ng ID o nang kung anumang pagkakakilanlan ng mga staff. Hinayaan na lang nila akong tumulong, mag-asikaso at gumamot sa mga nasaktan. Ganoong-ganoon halos ang nasa alaala ko bagaman mas malala ang pangyayaring iyon sa nakaraan kaysa ngayon. Bawat hiyaw at pag-iyak na naririnig ko ay halos magkumahog akong malapitan at lapatan ng gamot. Ayaw kong may malampasan, gusto kong malapatan ng paunang lunas ang lahat at maihatid sa special area ang mga nangangailangan.

Hindi ako makaramdam ng pagod. Sapat parati ang lakas ko para tumulong sa mga tao. Kung bakit nangyari at nagkaganito ang mga ito ay hindi ko alam. Mas importante sa akin ngayon na humaba ang kanilang buhay.

Ngunit sadyang mapaglaro ang tadhana. Sa hindi inaasahan ay may dumating na buntis at mukhang manganganak na. Kasabay nang paghilab ng kaniyang tiyan ay ang pasipol niyang paghinga. Naitigil ko ang pananahi

sa sugatang lalaki at tinanaw ang pagkilos ni Randall papalapit sa babaeng iyon.

"Dadalhin na po namin kayo sa D.R.," nakangiting aniya rito. Kahit hirap na hirap ay nagawa siyang ngitian ng buntis.

"Dok! Dok!" lumapit kay Randall ang isang bata, nasa dose ang edad nito sa tingin ko. **"Tulungan niyo po ang lola ko!"** Talagang nananadya ang panahong ipaalala sa akin ang sandaling iyon kasama ang pamilya at ang aking ina sa ospital. Kung saan nang dahil sa panghihina ay wala akong nagawa.

"Sige, magpapatawag ako ng doktor na tutulong sa inyo," nagmamadaling tugon ni Randall, hawak pa rin ang stretcher ng buntis.

"Naghihingalo na po siya!"

"Totoy, may lalapit doon, 'wag kang mag-alala."

"Parang awa niyo na po!"

Halos madurog ang puso ko sa sandaling iyon. Wala na akong nagawa kundi ang talikuran sila. Tiim-bagang kong hinarap muli ang aking pasyente 'tsaka nagpatuloy sa pananahi ng sugat nito. Nanuot ang alaalang iyon sa isip ko at nabuhay na namang muli ang galit sa dibdib ko.

"Ah, dok, dok, masakit! Masakit!" palag ng pasyente ko, natinag ako at tiim-bagang na napatitig sa kaniya.

"Alin ang masakit?" tanong ko 'tsaka dinampot ang hiringgilyang may anesthesia. Nang dahil sa galit ay nadiinan ko ang sugat niya, hindi sinasadya.

Gabi na nang matapos kami. Doon pa lang kami nagkausap ni Randall. Tatawa-tawa siya nang lumapit sa akin dahil sa tagal naming nagkasama sa Emergency Room ay nang sandaling iyon lang kami nagkaharap. Nagkasabay kami sa handwashing area na malapit sa Operating Room kung saan ko inihatid ang huling pasyenteng hinawakan ko.

"Saan ka banda pumuwesto?" tanong pa niya.

"Si Dok Cachuela ang kasama at katulong ko," tugon ko.

"Ah, doon sa mga may tama ng bala?"

Sandaling nagtiim ang bagang ko, nagagalit na. **"Ano ang nangyari?"** tanong ko, hindi man lang magawang tingnan siya at sagutin ang kaniyang tanong.

"May shoot-out daw, eh, NPA yata? Hindi ko alam, ipinatawag lang ako dito. Iyong kaibigan ko sana ang yayayain ko kaso nagpapagaling siya, galing din sa aksidente."

"Sinong kaibigan?"

"Si Maxwell."

"I see," nagpunas ako ng mga kamay at braso 'tsaka humarap sa kaniya. **"May NPA's pala rito?"**

"Ang sabi ng mga taga-rito ay marami," nakangiwi niyang sabi, nagpunas din ng mga kamay. **"Grabe ang ginawa nila."**

"Sobra."

"Ano kaya ang pakiramdam nang mabaril?" pabulong niyang tanong, ngingisi-ngisi pa rin. **"Ang sakit siguro no'n."** Hindi ko siya nagawang sagutin, napatitig nalang. **"Unti-unti kang pinapatay sa sakit."**

Lalo akong napatitig sa kaniya. Sa sandaling iyon ay gusto ko siyang hilahin at ihampas ang mukha niya sa lababo.

"Bakit?" tanong niya.

Natinag ako, pilit na ngumiti at umiling. **"Wala. Hindi pwedeng pag-usapan ang bagay na iyan dito. Pwede tayong kasuhan ng mga pasyente kung may makarinig sa atin."**

"Napakapormal mo talagang magsalita," natatawa niyang sabi. Hindi ko nagawang ngumiti. **"Siya nga pala, 'wag kayong mawawala mamaya. Ipinaalala ni Chairman Enrile na invited kayo sa party ni Deib Lohr."**

"Hindi kami nakakalimot sa inyong imbitasyon."

"So I guess I'll see you there?" nakangiti niyang sabi. **"Salamat sa pagpunta, bro. You're the best!"** tinapik pa niya ang balikat ko. **"Mauna na ako, malayo pa ang byahe. Kailangan na naming pumunta sa bahay ni misis."**

"Sige, ingat," sabi ko 'tsaka tinanaw ang paglayo niya.

Madali para sa iyong gawing biro ang karanasan at kamatayan ng isa dahil hindi mo alam ang pakiramdam nila. Paano kung iparamdam ko sa iyo kung paanong mawalan ng ina? O kung gusto mo nang mas masakit, ipararamdam ko sa anak mo kung paanong mawalan ng isang ina.

Bago ako sumakay sa kotse ay muli kong tinanaw si Randall, nandoon pa rin ang ngiti sa kaniyang labi. Para bang hindi niya nalalaman ang mga pangyayari nitong mga nakaraan kaya ganoon na lamang ang tuwa't sayang nararamdaman niya. Gusto kong taningan ang buhay niya sa sandaling ito o di kaya naman ay sugurin siya upang hindi na niya magawang umuwi sa pamilya. Nangingibabaw na naman ang galit ko at batid kong hindi tama ito. Posibleng mapahamak kami ng pamilya ko at malaman ang pakay namin sa lugar na ito.

Huminga ako nang malalim 'tsaka inalis sa kaniya ang aking paningin, tiim-bagang akong nagmaneho. Naunahan ko pa siyang makaalis sa lugar na iyon.

Maikli ang byahe pauwi. Nasa service area si Christian nang makauwi ako. Hindi ko inaasahang nandoon din si Eerah.

"What are you doing here?" tanong ko.

"Bakit ngayon ka lang?" bungad ni Eerah, lumapit saka humalik sa pisngi ko.

"Ikaw, bakit ngayon ka lang? Where have you been?"

"Been busy lately, school works."

"Walang pasok, Eerah."

"Oh, come on, alam mong hindi lang iyon ang inaasikaso ko," mataray niyang sagot. Sinamaan ko siya ng tingin. **"May trabaho rin ako, Cargosin, hindi lang ikaw ang naatasan dito."**

"Ano nga ang ginagawa mo rito?"

"I'm ready to party, I came here para sumabay na sa inyo."

"Magpapahinga na muna ako."

"Okay," nakakaloko niyang sinabi 'tsaka tinanaw ang pag-alis ko. Sinenyasan ko si Christian na sumunod sa akin sa silid. **"Ano ang mangyayari sa party na iyon mamaya?"**

"Mangyayari?" nagtaka siya. Hindi ko naitago ang galit. **"Wala kaming napag-usapan ng Chairman. Ang inaasahan ko ay hihinto na muna tayo sapagkat kailangan nating makapagplano nang panibago."**

"At ang mga tao mo?"

"Maayos naman na sila," nakamot niya ang noo. **"Pero hindi pa makapagtatrabaho sa ngayon."**

"Apat lang tayong pupunta sa mga Enrile, huwag ka nang magsama ng iba pa."

"Masusunod."

"Paniguradong darating din ang mga Moon, paghandaan natin sila." Hindi na ako sinagot pa ni Christian, tumango siya at lumabas na.

Lumapit ako sa mesa at kinuha sa kahita ang makinang kong bala, iyong pinakamahal sa aking koleksyon. At ngayon ay nagdadalawang-isip na ako kung sino ba ang karapat-dapat kong paggamitan niyon. Masyado silang marami para gawin kong importante. Isang maswerteng tao lang ang paggagamitan ko ng mamahaling bala na iyon. Ibabala ko sa baril na paborito ko.

"Cargosin, we're late!" nangibabaw ang tinig ni Eerah ilang saglit pa, dali-dali kong tinapos ang pag-aayos saka bumaba. **"Oh, look at your tie!"** lumapit siya sa akin at inayos iyon. **"Wala na ang mama kaya 'wag ka nang umasang may mag-aayos pa niyan para sa iyo, Cargosin. Pag-aralan mo na."**

"What the fuck are you saying?" hindi ko naitago ang inis. Natigilan siya at gulat na napatitig sa akin. Inagaw ko ang necktie at bahagya siyang inilayo. **"Don't you dare say something like that in my face again or I'll kill you, Eerah. Bitch,"** saka ko siya tinalikuran.

Ayaw ko sa lahat ay iyong ipinaaalala sa akin ang mga bagay na nakasanayan ko ngunit biglang nawala. Pero ang hindi ko nagustuhan ay ang tono ni Eerah Anitha. Kung magsalita siya ay parang tapos na ang kaniyang pagdadalamhati.

MAX'S POV

"MAXPEIN," lumapit sa akin si daddy. **"Tama na muna iyan. Mag-agahan ka na muna. Mamaya ay pupunta tayo sa mga Enrile."**

"Anong meron?"

Napabuntong-hininga siya at hinaplos ako sa buhok. "It's Deib Lohr's birthday today, my princess."

Natigilan ako at napalunok. Dali-dali akong tumayo at iniwan ang laptop. May tatlong araw na kaming tumutuloy nina Naih at Yaz sa mansyon. Pero pakiramdam ko ay kanina lang kami lumipat. Naging abala ang mga nagdaang araw ko. Hindi kapani-paniwalang lahat nang iyon ay naibuhos ko sa pagtatrabaho, ayon na rin sa iniuutos ng Chairman.

Isa ako sa mga nagbabantay kay Maxwell. Sinasamahan ko rin si Maxrill sa t'wing may kailangan siyang gawin. Tumulong din ako sa pamilya at kinauukulan sa pakikipag-ugnayan sa mga magulang na nagrereklamo. Pinakikiusapan namin ang mga ito na bawiin ang isinampang reklamo. At nangakong maghihigpit at babantayan na ang BIS maging ang palibot nito. Hindi naging madali, unang araw pa lang ay gusto na naming sumuko. Pero pinilit naming kayanin dahil pare-pareho kaming apektado. Kakatwa lang na kahapon din ay pare-pareho silang sumang-ayon sa kasunduan sa hindi malamang dahilan.

"Nakalimutan mo ba?" seryosong tanong ni daddy.

Muli ko siyang nilingon 'tsaka napailing. **"Medyo marami kasi akong iniisip nitong mga nakaraan, dad."**

"Give yourself a break, Maxpein. May mga bagay ka ring dapat na gawin para sa iyong sarili."

"I know, dad." Kinuha ko ang coat at isinenyas sa kaniya ang cellphone ko.

Tinawagan ko si Sensui ngunit hindi siya sumasagot. Tatawag sana uli ako nang makasalubong ko si Maxwell sa pasilyo. Kunot-noo niyang sinuyod ng tingin ang hitsura ko saka inayos ang buhok. Natigilan siya nang makita si Yaz sa sala at sumisigaw ang ganda.

"What are you doing here?" masungit na tanong ni Maxwell habang pababa, nakahawak, ingat na ingat sa sarili.

"I'm staying here," nahihiyang tugon ni Yaz.

"Why?"

"It's a long story. How are you?" hindi mawala ang pamumula ni Yaz. Pinakatitigan siya ng kapatid ko. **"Three days na kami dito. Nag-alala ako sa'yo, bakit ngayon ka lang gumising?"** nakanguso niyang dagdag.

"I'm okay now," nag-iwas ng tingin si Maxwell saka humarap sa salamin.

Hindi malala ang tinamong sugat ni Maxwell sa insidente. Pero mapilit si Maze kaya umabot ng ilang araw ang pahinga niya. Hindi na siya nakapalag dahil doktor na ang nagsabing hindi pwedeng mapwersa ang napuruhan niyang kamay at braso.

"Ang gwapo mo diyan sa pantulog mo," tumayo si Yaz at lumapit.

"Thanks."

"Ang bango mo rin."

"Thanks."

"Ang sungit mo rin."

"Tsh."

Ngumiwi si Yaz. "You're welcome."

"Move."

"Hindi mo man lang ba ako pupurihin?" ani Yaz na ibinalandra ang bestida.

"In your dreams."

"'Sungit."

Inis siyang nilingon ni Maxwell. **"What did you say?"**

"Wala!"

"Don't yell at me, you're in my territory."

"Sinabihan nang gwapo at mabango, masungit pa rin? Psh! Tabi nga!"

"What?" singhal ni Maxwell nang dunggulin ni Yaz ang puwetan niya. Hindi mawala ang gulat sa mukha ng kapatid ko, natawa ako. Walang babaeng nagtatangkang trumato nang gano'n sa kaniya kaya gusto ko lalong matawa.

"Let's take a picture together, Maxwell. Come here."

"No."

"Isang picture lang!"

"Stop yelling at me or I'll—"

"What, kiss me?" Humalakhak si Yaz. "Okay, then..." Inginuso ni Yaz ang mukha sa kapatid ko. Iritableng lumayo si Maxwell saka pinitik sa noo ang babae. **"Ouch!"**

"You're annoying, stop it."

"Kalalaki mong tao—nananakit ka ng babae! Bading ka ba?"

"You're so loud! Get out of my face."

"No."

"I said—"

"Uhm!" umamba ng suntok si Yaz. Napaatras si Maxwell. **"Ano, magsusungit ka pa? Akala mo, ah!"**

"I said stop yelling," tiim-bagang nang pakiusap ng kapatid ko.

Hindi nakinig si Yaz, sapilitan siyang tumabi kay Maxwell at inihanda ang camera. **"See? We look good together!"**

Hindi siya nagpatinag, panay ang habol sa t'wing iiwas si Maxwell sa paglilitrato niya. Umiwas ito nang umiwas, sinundan niya naman nang sinundan. Para silang mga batang naghahabulan.

"Ano ba?" singhal ni Maxwell. Ngumuso ang babae. **"Quit it, will you?"**

"Ang sungit..."

"Dahil ang kulit mo."

"This is a free country and you're not the boss of me!" nagpatuloy si Yaz sa ginagawa hanggang sa makuhanan silang dalawa gamit ang camera. **"One more!"**

"Enough, Yaz!"

"I want one more, Maxwell."

"Me," bigla ay nangibabaw ang tinig ni Maxrill. Nakataas ang kaniyang braso na animong nasa klase nang malingunan ko. Inosente siyang bumaba,

ipit sa braso at dibdib ang kaniyang Pringles. **"You can take a photo with me, Yaz-*noona*,"** tumango-tango siya.

"Hi, Maxrill!" Sinalubong ni Yaz ang bunso at pinisil sa pisngi. **"Later. Kailangan ko nang magandang shot with your kuya."**

Tss. Pare-pareho silang natigilan nang bumaba ako. **"Woi, tigilan mo na 'yan,"** pigil ko sa babae, nakanguso niya akong nilingon. **"Baka mapagod 'yan, wala kang date."**

Nilingon ni Yaz si Maxwell. **"You're my date?"**

"Says who?" singhal ni Maxwell 'tsaka tinalikuran siya.

"Psh, napakasungit ng taong 'yon!"

"Inborn," natatawa kong sabi 'tsaka dumeretso sa kusina.

"Mainit na kape para sa mainitin ang dugo!" magiliw na ani Naih, lumapit sa amin ni Maxwell. **"Nagmagaling na 'ko dito sa kusina niyo, parang busy kasi ang mga tao." Nakakatakam ang agahan na inihanda niya.**

"Salamat," ani Maxwell.

"Smile! Ang aga-aga ay nakasimangot ka! Kumusta na ba ang pakiramdam mo, ah?"

"Ayos naman na, sinira lang ng kapatid mo."

"Masanay ka na, abnormal kasi talaga 'yan," nakangiwing pinapanood ni Naih ang paglapit ng kapatid.

"Tabi," ani Yaz na dinunggol na naman si Maxwell.

"Hey! Ano ba?" palag nito. **"Ang lawak-lawak ng mesa, bakit sa 'kin ka pa pilit na tumatabi?"**

Hindi na sumagot pa si Yaz, nag-make face na lang siya bilang pang-aasar. Sinenyasan ko naman siyang tumigil na.

"Wow! Ang ganda mo lalo diyan sa suot mo, ate!" ani Naih.

Nakangisi siyang nilingon ng kapatid. **"I know, right?"**

"Sana rin ay umaakma ang mga kilos sa suot at pagmumukha mo. Pumapangit ka, eh."

"'Tse!"

"Umayos ka nga, ate! Nakikituloy lang tayo, ah!"

"Oo na!"

Ang maingay na pag-uusap na iyon ay natahimik lang nang bumaba na ang mga magulang ko.

"Maxpein," nagsalita si Maze sa gitna ng agahan. **"Pumunta ka sa bahay ni Maxwell at kunin ang ilan sa mga gamit niya."**

"Bakit ako?" kunot-noo kong tanong.

"Pwede namang ipakiusap sa iba 'yon, mom," ani Maxwell.

"Kaya na ni Maxpein 'yon," makahulugang ani Maze. Hindi na ako sumagot pa.

Nandito ang magkapatid kaya hindi namin magawang pag-usapan ang mga bagay na kami lang ang nakakaalam. Sa nagdaang araw, iyon ang unang beses na naiba ang usapan habang nag-aagahan.

Sinunod ko na lang si Maze. Hindi ko rin naman hahayaan na si Maxwell ang kumuha nang sariling gamit. Gamit ang sasakyan ni daddy, dumeretso ako sa The Venice.

Sa daan ay naisip ko si Sensui, nakokonsensya. *Wala akong regalo. Tama na siguro 'yong nando'n ako, matutuwa na siya no'n. Hehe.*

Ilang araw kaming hindi nagkita o nagkakausap man lang. *Paniguradong nakasimangot na naman 'yon buong magdamag sa mga nakalipas na araw.*

Gusto kong matawa dahil nang pasukin ko ang bahay ni Maxwell ay kusang nagtatayuan ang mga balahibo ko. Nai-imagine kong may nakatayo sa likuran at pinapanood ang mga kilos ko. Para bang bumabalik sa alaala ko 'yong sandaling nasa Batanes kami ni Sensui. Kung saan pareho kaming halos mabaliw nang dahil sa standee.

Malinis na ang bahay bagaman hindi pa napapalitan ang mga nasira. Kahit bago na ang door knobs at locks ay hindi pa rin ligtas do'n si Maxwell.

Dumeretso ako sa kwarto at kinuha ang mga kailangan niyang gamit. Payapa kong nagawa ang ipinag-utos ni Maze.

Papalabas na sana ako ng eksklusibong village nang matigilan sa daan. May nasulyapan akong pamilyar sa aking paningin. Abala iyon sa paglilinis ng kotse. Tuloy ay hindi namalayan ang paglapit ko.

"Lovemir."

"Maxpein," nagugulat siyang nag-angat ng tingin. Niligon niya ang sasakyang gamit ko.

"You live here? Dito rin nakatira ang kapatid ko."

"I see."

"It's been a while." Nagngitian kami. **"May pasok na uli next week."**

"Yeah, I heard."

"Do you live here alone?" tinanaw ko ang bahay niya. Nakangiti na siya sa 'kin nang muling lingunin ko. **"Nice house."**

"Thanks. Saan ang punta mo niyan?"

"Pauwi na. May dinaanan lang ako sa bahay ng kuya ko."

Hindi agad siya sumagot. Tumango-tango siya na para bang ipinagtataka ang maayos na pakikitungo ko. Mas magandang sabihing pinagtatawanan niya ang pangiti-ngiti ko, hindi yata talaga siya nasanay ro'n.

"Anyway, it's Deib Lohr's birthday today, pumunta ka."

"I'm not invited."

"That's why I'm inviting you."

"Ayos lang ba sa kaniya 'yon?"

"Bakit naman hindi? Kilala ka niya, ayos lang 'yon."

"Saan 'yon?" tanong niya na parang bang hindi pa rin naniniwala sa imbitasyon ko. Nakangiwi siyang ngumiti habang sinasabi ko ang address sa kaniya. **"I'm not sure if I can come, Maxpein."**

"Ikaw ang bahala, basta imbitado ka na. Akong bahala sa 'yo."

"Tch. Bakit biglaan naman yata ang imbitasyon mo?"

"Biglaan din kasi ang pagkikita natin ngayon," tumawa ako sa huli. **"Sa tingin ko ay darating do'n sina Eerah at 'yong pamilya niya."N**agliwanag ang mukha niya. **"Ano? Pupunta ka ba o pupunta ka ba?"**

"Okay," masaya niyang sagot. Sabay kaming natawa.

"Nandyan ang number ko, call me," iyon lang at tinalikuran ko na siya.

Nakangiti akong sumakay sa kotse. Binusinahan ko siya bago tuluyang umalis.

Kailangan ko ng impormasyon tungkol kay Eerah, Lovemir. Sana makisama ka.

Naisip kong iyon na ang dahilan, ang makita at makausap si Lovemir. Kasama siya sa mga plano ko pero wala akong mahitang dahilan para makipagkita o makausap siya. Gusto kong magkaroon nang kaunting impormasyon tungkol sa kaniyang asawa. Bukod kay Lovemir ay wala na akong ibang kakilala na higit na nakakikilala kay Eerah Anitha.

Handa na ang lahat nang makabalik ako. Matapos ayusin ang mga gamit ni Maxwell ay inayos ko ang sarili para sa party.

Natinag ako nang pumasok si Yaz sa aking kwarto. **"Wear this, Maxpein. Hindi ko pa naisusuot 'yan, masyadong maikli sa 'kin. I'm sure bagay sa 'yo iyan."**

Inalis ko ang cover niyon, halos lumuwa ang mga mata ko. **"Paghubarin mo na lang kaya ako?"** pasinghal kong sabi.

Natawa siya. **"Ano ka ba, Maxpein? Tao ka pa ba? Ano namang balak mong isuot sa birthday ng boyfriend mo, barong o saya? Psh! Hello, magpa-sexy ka naman!"**

"Birthday party 'yong pupuntahan natin at hindi costume party. Eh, magmumukha akong Betty Boop dito, ah?"

Isa iyong pula at napakaikling dress. Sa tingin ko ay hindi pwedeng maupo nang suot 'yon. Luluwa ang kaluluwa ko.

"Ayoko niyan."

"Fine, wear a Tee! Wala akong maipahiahiram sa 'yo. Iniwan ko sa apartment ang karamihan sa mga damit ko."

"Tsk." Nakasimangot kong tiningnan ang damit. **"Aasarin na naman ako no'n panigurado."**

"Dalhin mo kasi nang maayos. Aayusan kita, don't worry. Paniguradong hindi niya maiisip na asarin ka." Nakasimangot kong tinitigan ang damit, nag-iisip. **"Time is running, Maxpein, magpasalamat ka sa concealer ko dahil kapag pumangit ako ay two-piece ang ipasusuot ko sa 'yo!"**

"Tss."

Hinayaan ko siyang ayusan ako. Ni hindi ko nagawang tingnan ang sarili. Napako ang paningin ko sa damit na 'yon na maayos ang pagkakasabit sa siradura ng cabinet.

Hindi ko yata makita ang sarili kong suot 'yan. Hindi sa bawas angas pero...sadyang hindi bagay!

Gusto kong umurong pero huli na ang lahat. Napakaganda na ng pagkakangiti ni Yaz nang maisuot ko 'yon. Pinaikot-ikot niya pa ako na parang modelo bago siya pumalakpak habang nagtatatalon.

"My god, Maxpein! Kung magpapakababae ka lang nang todo ay ang ganda-ganda mo," aniya matapos akong suriin. **"Mas maganda nga lang ako,"** mataray niyang dagdag, tinalikuran ako 'tsaka inihagis sa harap ko ang isang pares ng nagtataasang sandalyas.

"Oh, ano 'yan?"

Nahulog ang mga balikat niya. **"Killer shoes ang tawag diyan. Lahat nang lumandi sa boyfriend mo sa gabing 'to ay ipakakain mo diyan,"** mataray niyang sabi. **"Wear it, I'm out."** Kinawayan niya ako palabas.

Napapikit ako, namaywang 'tsaka tinitigan ang napakataas na takong niyon. Itim at may mga matutulis at makikinang na palamuti sa palibot ng entrada. Maganda ang ganoong sapatos para sa mga babaeng katulad ni Yaz, hindi sa akin. Kahit kailan ay hindi ko nakita ang sariling may suot na gano'n. Pero sa huli ay wala akong nagawa kundi ang isuot 'yon. Tuloy ay kapit na kapit sa bawat dingding na madaanan upang hindi matumba. At nang makababa ay 'tsaka lang ako nagkaro'n nang lakas ng loob para sa sarili. Panay papuri ang aking natanggap.

Maliwanag pa nang pumunta kami sa bahay ng mga Enrile. May ilang bisita nang nagkalat sa labas pa lang ng bahay. Gusto kong manibago dahil napalitan ng bisita ang media at raliyista.

Abala na ang lahat, may kani-kaniyang mundo. Kaunti lang ang tao kompara no'ng nakaraang birthday ni Sensui. Nabanggit ni daddy na ginawa itong pribado. Karamihan sa mga bisita ay college students, mga kaibigan at kakilala siguro ni Sensui. Nando'n din ang mga kaibigan namin ni Naih. May mga ilang kilalang pulitiko ring kausap sina Chairman at Dean Enrile.

"Chairman Moon, come in," magiliw na bungad ni Mr. Enrile, agad na nagbigay respeto sa pamilya ko. Lumapit ako at yumakap sa kanilang mag-asawa.

"Omo! Look at this beautiful girl! Oh, Maxi, it's nice to see you again, baby. I missed you!"

"I missed you, too, Mrs. Enrile," nakangiti kong tugon.

"My baby's waiting for you," mapanukso niyang sinabi.

"Inaasahan ko na ho 'yan."

Iginiya niya kami papasok. **"Sobrang ganda mo tonight, baby, promise."**

"Salamat ho," nahihiya kong sabi. Binigyan niya ako nang mapanuksong ngiti.

Mas magarbo ang nakaraang selebrasyon ni Sensui kompara ngayon bagaman *en grande* pa rin kahit papaano. Sa loob ng bahay ang handaan. May kaunting dekorasyon na lang sa labas na pwedeng puwestuhan.

Gusto ko nang maniwala kay Yaz nang sandaling maagaw ko ang paningin ng lahat. Kung dati ay napapalingon ko ang lahat dahil sa angas, iba na yata ang dahilan ngayon. Nababasa ko ang paghanga sa mga mata nila at talaga naman tinutunaw ako no'n. Kaunti na lang ay hahawa na ang balat ko sa kulay pulang suot.

"Let's take this off." Biglang hinila ni Yaz ang coat na nakapatong sa aking balikat.

Nagugulat akong umamang. **"Ano ka ba? Akin na 'yan."**

Pinagtawanan ako ng magkapatid. "Come on, Max, be confident! Ang ganda mo kaya!" ani Naih.

"Nahihiya ako," nakalabi kong sabi.

"Ano ba ang nakakahiya diyan sa suot mo, eh, ang ganda nga? Kung meron ka mang dapat na ikahiya, 'yon ay ang makasama ang balahurang kapatid ko."

"Hey," sita ni Yaz. **"Shut up, will you?"**

"Nyeh! Nyeh!" pang-aasar ni Naih. **"Maniwala ka sa 'kin, Max, kung bagay kay ate ang damit na 'yan ay mas bagay sa 'yo."**

"I agree," sabi ni Yaz. **"Besides, the temperature is warm. Wala ka sa States para mag-coat nang ganitong kakapal. Wala ka talagang alam sa fashion."**

"Tss."

"Smile, it's a statement!"dagdag pa niya.

Pabuntong-hininga kong iginala ang paningin. Nasa akin pa rin ang mga mata ng lahat. Wala sa sariling lumapit ako kay Mrs. Enrile.

"Nasa'n ho si Deib Lohr?" tanong ko. Hindi ko pa siya nakikita. Gusto ko nang makaiwas sa mata ng lahat.

"Nasa 'taas pa at nagpapagwapo para sa 'yo," biro ni Mrs. Enrile. Natawa ako. **"Akyatin mo na kaya siya, hija? Marami na ring naghihintay sa kaniya kanina pa."**

"Sige ho," nakangiti akong tumango, sandaling nagpaalam sa pamilya ko saka dumeretso sa 'taas.

Pinili kong bale-walain ang nakaiilang na tingin ng mga bisita. Excited akong kumatok sa kwarto ni Sensui.

"Pasok!" Nakatalikod siya nang tumuloy ako, inaayos ang sarili sa salamin. **"Parati na lang itong neck tie ang problema ko! Peste!"**Nagulat siya nang makita ako. **"Taguro..."**

Ngumiti ako at pinagmasdan ang kagwapuhan niya. **"Happy birthday, handsome,"** wala pa man ay parang kinikilig na ako. **"Wala akong regalo, eh, kaya ako na lang,"** pabiro kong dagdag.

Ilang beses na akong nagwapuhan sa lalaking 'to pero iba ang dating niya ngayon.

Siguro nga ay swerte ako, lalo na sa gabing 'to.

"Salamat," sumeryoso siya, kumunot ang noo 'tsaka pinasadahan ng tingin ang kabuuan ko.

Bigla kong naitikom ang bibig nang muling magtama ang paningin namin. Napalunok naman ako nang magsimula siyang lumapit sa 'kin. Napaatras ako hanggang sa mapasandal at sumara ang pinto.

"Hehe," ang unang lumabas sa bibig ko. **"Kung may sasabihin ka ay hindi naman yata kailangang ganito kalapit, 'no?"** utal kong sabi. Hindi siya nagsalita.

Tinitigan niya ako na para bang inaalam ang laman ng aking isip. Halos higupin ako ng mga mata niya at ang kaluluwa ko naman ay handang sumama.

"Anong ginagawa mo dito?" sa wakas ay nagsalita siya.

Natigilan ako. **"Birthday mo."**

"And?"

"Girlfriend mo 'ko."

"So?"

"I'm invited."

"I don't remember inviting you over," masungit niyang sinabi. **"Who invited you?"**

Natigilan ako. **"Babe..."**

"Who invited you?"

Ngumuso ako, kinakabahan. "Sinabi ni daddy na party mo ngayon kaya 'matik na 'yon."

"What?"

"Automatic nang kasama ako, syempre, imbitado ang pamilya ko," sinikap kong 'wag pasinghal na sumagot.

"Dumating ka dito nang ganyan ang suot, ibinebenta mo ba sa 'kin ang sarili mo?"

Napasinghap ako sa inis. **"Binabastos mo ba 'ko?"**

"Kung gano'n ang dating sa 'yo," sinabi niya iyon sa paraan kung paano kong madalas na sinasabi ang linyang 'yon.

Nagtiim ang bagang ko, nag-init ang pisngi ko ngunit kasabay no'n ay ang pag-init ng mga mata ko.

Ano ba ang ikinagagalit niya? Hindi ko siya maintindihan.

Hindi ko nagawang magsalita agad. Pakiramdam ko ay tinunaw niya sa isang iglap ang puso ko...sa masakit na paraan.

"Parati mo na lang pinasasama ang loob ko sa t'wing magsusuot ako ng..."

Hindi ko nagawang ipagpatuloy agad ang dapat kong sabihin. Naiipit ang lahat ng salita sa lalamunan ko at ang sakit lalo no'n.

"Ang sama talaga ng ugali mo."

"Ilang araw kang hindi nagpakita sa 'kin?" seryoso niyang tanong. Hindi ko na naman nagawang tumugon at sa halip ay lalo akong napatitig sa kaniya. **"Ha? Ilang araw?"**

"Alam mo namang may ginagawa ako, ah?" pinilit kong maging mahinahon.

"Parati ka namang may ginagawa, 'di ba?"

"Oo, at ang inaasahan ko ay alam mo na 'yon."

"Lahat ng tao sa mundo ay parating may ginagawa, Taguro, hindi ka nag-iisa. Pero hindi lahat ng tao sa mundo ay nakakalimot makipag-usap sa karelasyon nila."

"Sensui..."

"Parati mo na lang akong idinadaan sa *inaasahan* mong dapat ay ganito-ganiyan," mariing aniya. **"Paulit-ulit na lang tayo, ah? Magpaparamdam ka ng mga ilang araw tapos bigla ka na namang mawawala—na wala maski isang salita. Bakit ba ugaling-ugali mo 'yan, ha? Akala mo ba ay nakakatuwa?"**

"Hindi naman kasi gano'n 'yon."

"Tapos magpapakita ka kung kailan mo gusto?"

"Busy nga ako."

"Wala ka nang oras sa 'kin, Taguro."

"At inaasahan kong ikaw ang unang makakaintindi no'n pero nagkamali ako."

"Gano'n pa rin kahirap para sa 'yong tawagan ako," tumango-tango siya. **"At maski text, wala."**

"Eh, di sana ay ako ang tinawagan mo? Pwede mong gawin 'yon, Sensui pero hindi mo rin ginawa. I was also waiting for your call. Alam mong hindi ko ugali ang gano'n. At akala ko kaya hindi ka tumatawag sa 'kin dahil naiintindihan mong busy ako."

"Ako pa ang mali ngayon?" umayos siya ng tayo na para bang naghahamon. **"The reason why I don't call you is because I keep telling myself that if you wanted to call me, you would."** Nagtiim ang bagang niya, mababasa sa mata ang galit. **"You shouldn't miss people who miss**

you, right?" sarkastiko niyang sinabi. Sinamaan ko siya ng tingin. **"How long before I'm just a memory, Taguro?"**

Natinag ako. **"Babe..."** Hindi siya sumagot. Masama ang tingin niya pero nandoon ang hinanakit. Nanlumo ako, napagtantong ako ang mali. **"Okay, I'm sorry,"** sa wakas ay nasabi ko. Bumuntong-hininga siya at nag-iwas ng tingin. **"I'm sorry, babe. Please, don't make me ruin your day."**

"I always feel left out, worthless, and unloved at times."

Muli siyang tumingin sa mga mata ko ngunit naging mas malalim na ang mga titig niya. Parang sinisisid na ang aking mga mata.

"Are you aware of that?" aniyang lalong lumalapit. Nawawala ang maliit nang espasyo sa pagitan namin at pinabibilis no'n ang tibok ng puso ko. **"But it's funny how you can make me feel uneasy even when I'm mad at you."**

Huminto siya nang magkadikit ang mga katawan namin. Napapikit ako nang maramdaman ang hininga niya sa aking pisngi.

"Before I wan't you to miss me like I'm missing you. But now...I want you to kiss me the way I kissed you."

Shit.

Hindi ko alam kung ano ang sasabihin. Naubusan ako ng salita. Hindi ko maipaliwanag kung bakit umiikot ang tiyan ko at kasabay no'n ay ang hindi pamilyar na pakiramdam.

Syempre, kiss na naman. Kiss. Kiss. Kiss! Iyon lang parati ang makapagpapatahimik sa bibig niya. Pero dibdib ko ang nagwawala ngayon! Tsk!

Inilapat niya ang kamay sa pinto, Lumapat ang ulo ko sa pagkakasandal. Napalunok ako nang titigan niya ang mga labi nang may hipnotismo.

"I want you to love me, only me, while you're mine," dagdag niya habang nakatitig pa rin sa mga labi ko. **"I missed you."**

"I missed you, too," gusto kong umubo bago sabihin 'yon.

"And I should be kissing you instead of missing you."

"Yes, you should," nawawala sa sariling pagsang-ayon ko.

Hindi na siya nagsalita pa. Kasabay nang paghugot niya ng hininga ay ang pagkakadampi ng aming mga labi. Kakaiba agad ang dating, walang katulad at masyadong malalim. Hindi ako makapaniwala kung paano kong awtomatikong natugunan iyon. Ang parehong labi namin ay para bang sanay na sanay at may kani-kaniyang paraan para makontento ang bawat

isa. Napakawak ako sa baywang niya, gusto kong isumpa ang aking sarili nang mas ilapit ko ang katawan niya sa 'kin. Naging mas malalim ang halik niya at unti-unti ko nang nararamdaman ang init sa pagitan ng halik namin.

Habol ko ang hininga nang bitiwan niya ang labi ko. Nagkamali ako nang isiping tapos na. Bumaba ang labi niya papunta sa panga ko at nang marahan niyang hilahin ang buhok ko ay nando'n na siya sa leeg ko. Noon ko lang tuluyang naramdaman ang naudlot na kuryenteng ipinaramdam niya sa 'kin noong una. Wala akong nagawa kundi ang kagatin ang sarili kong labi, paulit-ulit na lumunok at damhin ang nakakakiliting sandali. Kusang kumilos ang mga kamay ko, taas-baba sa likuran niya. Ang isang kamay niya ay marahang ginugulo ang buhok ko habang ang isa pa ay gumuguhit sa aking likuran.

Isusumpa ko ang sarili kapag sinabi kong labag sa kalooban kong gawin 'to. Nandoon ang takot sa 'kin pero wala man lang nagpoprotesta sa mga ugat ko.

Nagmulat ako nang maramdaman ang bumababang halik niya. Papunta na iyon sa buto sa itaas ng dibdib ko. Panay ang pagkurap ko na para bang nilulunod ako sa sitwasyong 'yon. Nakaliliyo, nakadadala, gustong-gusto ko.

Halos huminto ang puso ko nang itigil niya ang ginagawa. Dalawang beses niyang itinuktok ang sariling noo sa pinto habang mahigpit ang pagkakayakap sa 'kin.

"Damn, I want to touch you," saka niya pabulong na sinabi iyon sa tainga ko.

~To Be Continued. . .~

OceanofPDF.com

CHAPTER 193

DEIB'S POV

NATINAG KAMING pareho ni Taguro sa dalawang magkasunod na katok. Umayos ako ng tayo at tumitig sa malamlam niyang mga mata.

"Deib Lohr, baby!" nangibabaw ang tinig ni mommy. **"The party is ready!"**

"I'm coming, mom," malakas kong tugon, hindi naalis ang paningin kay Taguro.

"Bumaba na kayo ni Maxi, okay?" aniya saka ko narinig ang mga yabag niya papalayo.

"I love you," pabulong kong sinabi. Nakita ko ang paglunok niya, gusto kong matawa. **"I don't care if you're sick of this, I'll still kiss you every chance I get. We'll continue later."** 'Tsaka ko siya tinalikuran upang sandaling sipatin ang sarili ko.

Nasa gano'n pa rin siyang posisyon nang makabalik ako. Hinawakan ko ang kamay niya saka siya iginaya papalabas ng kwarto. Palihim akong nangiti nang maramdaman kung gaano kalamig ang kamay niya, bahagya pang nanginginig.

Marami nang tao nang makababa kami. Syempre, naagaw namin ang atensyon ng lahat. Hindi lahat ng lalaki ay may kakayahang pagwapuhin ang gwapo nang sarili. Hindi na ako nagtataka kung nakanganga ang ilan sa kanila nang makita ang kabuuan ko.

"Ang tagal niyo naman?"nakangusong ani mommy.

Ngumiti ako. **"May pinag-usapan pa kasi kami,"** nakangiting tugon ko 'tsaka bumaling kay Taguro.

"Pinag-usapan?" pabulong niyang tanong.

Ngumisi ako. **"Sa t'wing hahalikan kita ay nag-uusap ang mga kaluluwa natin, Taguro."Gusto ko siyang halikan sa pisngi nang lumapat doon ang labi ko matapos sabihin 'yon.**

"Tss. Dati ay mga puso, may kaluluwa na ngayon?"

"Tch." Muli akong bumaling kay mommy. **"Ang gwapo ko, 'di ba?"** nakangiti kong sabi, syempre agad na napapalakpak si mommy. **"I know,**

mom. I know."

"Happy birthday, baby!"

"Thanks, mommy," humalik ako sa pisngi niya saka nagpasalamat sa iba pang bumati. **"Nararamdaman ko pa rin ang nginig mo, baby babe,"** inosenteng bulong ko. Wala siyang imik. **"Ayaw kitang pauwiin, Taguro."**

"Kailangan kong umuwi," nanginginig pati boses niya.

Ako na naman ang dahilan niyan, bwahaha! Ako na naman! Ako talaga! Ako lang! Hahaha! Ako! Ako! Ako! Ako! Kung pwede lang sanang ituro nang ituro ang sarili ngayon ay ginawa ko na.

"May gagawin ka pa rin?" tanong ko, sinikap 'wag ipakitang natatawa ako.

"Bukas, meron." Panay ang iwas niya ng tingin, naiilang.

"Pero mamayang gabi ay wala?" nakangiting tanong ko, kumurap lang siya. **"Eh, di pwede ka dito."**

"Eh—"

"Hahalikan lang naman kita, 'wag kang mag-alala," ngumisi ako. **"I'm gonna kiss you real hard,"** dagdag ko, pinagkadiinan ang huling sinabi 'tsaka ako dumila na parang bata.

"And I'm gonna punch you real hard."

"Grabe ka," singhal ko 'tsaka binitiwan ang kamay niya. **"Pabor na nga sa 'yo 'yong gagawin ko 'tapos sasapakin mo pa ako?"**

"Anong pabor naman?" inis niyang tanong.

"Huh! 'Wag mo sabihing lugi ka pa ro'n, Taguro? Sobra ka na, ah?"

"Alam mo, ikaw?" pabulong niyang sunggab, dinuro pa ako. Nanlalaki ang mga butas ng ilong ko, napaatras. **"Umiiral na naman 'yang pagiging abnormal mo, ah? Kahit kailan ay hindi ka naging normal."**

"Ibig mong sabihin pati 'yong halik ko sa 'yo kanina ay abnormal?" mahinang tanong ko. Natigilan siya at umayos ng tayo. Ngumisi ako. **"Hindi 'yon normal?"** tanong ko sa ere saka humalakhak. **"Oo, talagang hindi 'yon normal, baby babe. Ako lang ang nakagagawa no'n at hindi kailanman magagawa nang normal na tao. Ako lang ang may kakayahang gawin 'yon. Ako lang."**

"Ewan ko sa 'yo."

"Ako lang ang may kakayahang patahimikin ang galit na puso ni Taguro." Kinindatan ko siya 'tsaka inakbayan. **"Gusto mo na bang kumain, babe?"**

"Busog ako."

"Grabe, nabusog ka sa halik ko?"

"King ina, kanino mo pa gustong iparinig 'yan?" singhal niya 'tsaka inalis ang braso ko. Napaatras ako sa pagkabigla. **"Kailangang ipagsigawan dito na naghalikan tayo?"** pabulong niyang asik, panay ang lingon sa mga kalapit na bisita.

"Pinagtitinginan ka na nga nila," nakangiti kong sabi. **"Ang sexy mo raw kasi."**

"Tss."

"Nagpa-sexy ka talaga nang todo para maakit ako, 'no?" panunukso ko, ngumiti nang labas ang dila at ipin. **"When I pout my lips like this,"** inginuso ko ang labi na parang manghahalik. **"That means I want you to kiss me, baby babe."**

Tumitig si Taguro sa 'kin na para bang inis na inis, salubong na salubong ang mga kilay niya at masama ang tingin.

"Alam mo 'yong pakiramdam na lahat sila ay nagagandahan sa 'yo?" nakangising tanong ko. Tumaas ang kilay niya**"Tapos hindi nila alam na ako lang ang nakahahalik sa 'yo? Bwahaha! Napakasarap sa pakiramdam, Taguro."** Sinamaan niya ako ng tingin, bubulong-bulong pero wala akong narinig. **"Ano ang sinasabi mo diyan, ha?"**

"Wala," singhal niya.

"Happy birthday, 'dre!" nangibabaw ang napakalakas na tinig ni Tob. Nakangiti ko siyang hinarap at niyakap. **"Grabe, taon-taon ay nagbi-birthday ka, ah!"**

"Loko, malamang," natatawa kong tugon.

"Oh," iniabot niya ang regalo. **"Alam mo na kung anong laman niyan."**

"Thanks. Kararating mo lang?"

"Kanina pa 'ko nandito. I'm waiting for my Michiko. Nakita ko 'to si Max no'ng umakyat sa kwarto mo," nginisihan niya kaming dalawa. Ngumuso ako. **"Mga loko kayo. Ang magkarelasyong naiiwang solo sa kwarto, nadadagdagan ng isa pang tao."**

"Sira-ulo," muntik ko na siyang mabatukan.

Humagalpak siya ng tawa. "Biro lang, 'to naman!"

"Welcome, Chairman Rewis! Come in, come in!" nangibabaw ang tinig ni Chairman Enrile.

Nawala ang ngiti sa labi ko at hindi malabong nakita 'yon ni Taguro. Pinilit kong ngumiti ulit. Ngunit ang paningin ni Taguro ay lumipad na papunta sa gawi nang bagong dating.

Pumasok si Chairman Rewis kasama ang anak na si Cargosin at ang kanan kamay nitong si Christian. Nagkamay ang dalawang Chairman, nakatango naman ang dalawa pang lalaki hangga't hindi naghihiwalay ang kamay ng mga nakatatanda. Kakaibang kaba ang nangibabaw sa 'kin. Pakiramdam ko ay may nakabalot na apoy sa mga ito.

Masasamang tao ang mga iyan...sabi ng isip ko.

Hindi halata sa hitsura ang kasamaan ng mga Rewis base sa sinabi ni Eerah Anitha. Sa sobrang ganda nang pagkakangiti ni Chairman Rewis ay pwedeng kasuhan ang sinumang magsasabing kriminal ito at gumagawa nang masama. Kagalang-galang ang dating niya para paghinalaan ng gano'ng bagay. Hindi talaga kapani-paniwala ang mga sinabi ni Eerah Anitha dahil walang ebidensya ang mga deskripsyon niya.

Pero bakit naman niya sasabihin 'yon? Ano ang dahilan niya para gumawa ng kwento—kung gawa-gawa nga lang niya ang sinabi?

'Ayun na naman ang mga tanong sa isip ko, sandaling nawala at sabay-sabay na bumabalik ngayon.

"May bisita ka," dinig kong ani Taguro. Napalingon agad ako sa kaniya, nakatingin pa rin siya sa mga ito. **"Kulang yata sila?"**

"Huh?" gulat at nagtataka kong tanong.

Nakangiti siyang lumingon sa 'kin. **"Wala si Eerah Anitha."**

"Ah," nilingon ko uli ang mga ito. **"Oo nga."** Nagkibit-balikat ako.

"Deib Lohr!" nakangiting bumaling sa 'kin si Chairman Enrile, hindi ko 'yon inaasahan. **"Come here, may gustong bumati sa iyo, apo."**

Umayos ako ng tayo, kinapa sa kung saan ang kamay ni Taguro 'tsaka mahigpit iyong hinawakan. Napansin ko sa gilid ng mga kong nagulat siya sa ginawa ko. Pero hindi ko inalis ang paningin sa mga Rewis na maganda na ang pagkakangiti sa 'kin. Sinikap kong ngumiti bago kami tuluyang lumapit sa kanila. Sabay-sabay nila akong hinarap, sabay naman kaming tumango ni Taguro.

"Happy birthday, hijo," ani Chairman Rewis.

Muli akong tumango. **"Thank you, Chairman Rewis."** Sinikap kong itago ang kaba. Hindi lang ako sigurado kung naging matagumpay 'yon nang magkamay kami. Lumawak ang ngiti niya habang nakikipagkamay. Hindi malabong naramdaman niya ang panginginig ko.

"Thanks for the invitation."

"You're welcome, Chairman."

"I have a little present for you and I'm hoping you will like it," anang Chairman, ikinabigla ko 'yon. Nilingon niya si Christian at saka tinanguan ito.

Inilahad ni Christian ang kremang sobre. Napatingin ako sa Chairman nang tanggapin iyon. Nakangiti siyang tumango na para bang sinasabing buksan ko ito. Sandali akong napatitig sa kaniya 'tsaka iyon tiningnan nang may kaba sa dibdib.

Life is a Gift ang nakalagay sa likuran ng sobre. May pulang ribbon na nakatali na para bang isang espesyal na imbitasyon. Binuksan ko ang sobre, muling tumingin sa kanila bago inilabas ang kulay krema ring papel sa loob niyon.

"A vacation for two," pinangunahan ako ni Chairman Rewis habang binabasa ang nakasulat. **"Isa iyan sa mga resorts namin."**

"Wow," ang tanging nasabi ko. Kinakabahan akong makaharap sila para makapagsalita nang mahaba.

Nilingon ko si Taguro at ipinagtaka ang matamang pagtitig niya kay Christian. At hindi iyon nakaligtas sa paningin ng lahat, lahat sila ay napatingin din kina Taguro at Christian. Pare-pareho naming ipinagtaka ang titigan ng dalawa. Nang lingunin ko ang lalaki ay parang nangangapa ang titig nito kay Taguro.

Binasag ko ang katahimikan. **"This is my girlfriend, Maxpein Zin del Valle of Moon family."** Iba talaga sa pakiramdam banggitin ang pangalan niya, may sariling kapangyarihan.

Nabigla ako nang biglang ilahad ni Taguro ang kamay kay Christian mismo. Makikita ang pag-aalinlangan sa lalaki nang tanggapin iyon at makipagkamay.

"It's my pleasure to finally meet you," ani Taguro.

Bakas ang gulat ni Christian. Ngumiti si Taguro. **"Have we met?"**

Nakangiting ngumiwi si Taguro. Naipilig ng lalaki ang ulo saka nagtatakang nilingon si Sin. Gusto kong ipagtaka ang nababasang kaba sa mukha ng dalawang lalaki.

"No, we haven't," tugon ni Taguro.

Doon pa lang nabitiwan nina Christian at Taguro ang mga kamay, bagay na noon ko lang din napansin. Sabay na nilingon ng dalawang Chairman si

Taguro. Nagkatitigan naman muna sina Cargosin at Christian bago nilingon ang girlfriend ko.

Ako lang ba o may tensyon talagang namuo sa pagitan nila? Napapraning ako.

"Nice to meet you. My name is Maxpein." Naninibago ako sa ngiti ni Maxpein. Para bang hilig niyang magpakilala kahit hindi naman talaga. "Ako ang nag-iisang babae ng mga del Valle."

"Moon?" tango ni Chairman Rewis.

"Moon." Nagmamalaki ang ngiti ni Taguro.

Tumaas ang noo ni Chairman Rewis habang nakangiti at nakatingin pa rin kay Taguro. Hindi man tiningnan ng Chairman ang kabuuan niya ay parang gano'n na rin ang ginawa nito sa tagal nang kanilang titigan. Nagngitian sila na para bang nagkakaintindihan sa pamamagitan ng tingin at ngiti. Gusto kong umiling, hindi ko maintindihan ang nakikita. Nagtataka ako sa mga gawi nila. At gustuhin ko mang magtanong ay parang wala akong karapatan. Tanging si Taguro lang ang nakagagawa nang ganitong mga kilos. At mukhang nakakita siya ng makakukuha ng ibig sabihin niyon.

Muling bumaling sa 'kin si Chairman Rewis. **"Maaari mo siyang isama sa vacation stay mo sa exclusive resort na pag-aari ng aking pamilya. Ipakita niyo lamang ang imbitasyon na iyan at sila na ang bahala sa inyo."**

"Thank you," magalang kong sabi, hindi maitago ang pilit na ngiti. Nangangapa akong pilit nang iba pang masasabi pero wala na akong mahita.

"Wala pa namang pasok bukas, pwede ninyo na iyang gamitin, hijo."

"No." Ikinagulat nang lahat ang pagtanggi ni Taguro. Agad ko siyang nilingon. **"Masyado pa kaming mainit sa mata ng mga pusa para umalis."**

"Pardon?" nakangiting tanong ng Chairman, nalilito pa rin.

Ngumiti lang si Taguro at hindi sumagot. Tumikhim si Chairman Enrile. Masama na ang tingin niya sa 'kin nang lingunin ko.

"Deib Lohr, baby?" binasag ni mommy ang sandaling 'yon. Nilingon siya ng lahat.

"May bisita ka sa labas," dali-dali siyang lumapit sa 'kin, tumango sa mga Rewis. **"Excuse us, please,"** malambing niyang dagdag 'tsaka kami sabay na inakay ni Taguro papalabas.

Hindi ko inaasahang sina Eerah Anitha at Lovemir Limaco ang makikita. Para na namang alalay si Lovemir sa asawa, nakasunod bitbit ang mga regalo. Hindi ko alam kung paano niyang natatagalan ang bastos na pakikitungo ni Eerah Anitha. Hindi ko na hihilingin o iisiping mapunta sa kalagayan niya. Bumugso ang kaba sa dibdib ko. Nagpaulit-ulit sa tainga ko ang mga sinabi ni Eerah Anitha nang gabing 'yon. Ang nakakatakot na pakiramdam ay muli na namang nangibabaw sa 'kin. Pakiramdam ko ay napasok na nila nang tuluyan ang teritoryo namin at wala na kaming pagtataguan.

"Your name is?" magiliw na tanong ni mommy.

"Good evening, I'm Eerah Anitha Rewis."

"Oh, Rewis," muntik pang mapapalakpak si mommy. **"Come in, hija,"** pinagbuksan pa ni mommy ng gate ito. **"Oh, you're with... someone?"** gusto kong matawa sa hitsura ni mommy na noon lang napansin si Lovemir. Sinuri niya ang mukha ng lalaki, hindi malaman kung namumukhaan o naguguwapuhan.

"Thanks," tumuloy si Eerah, nilingon ang asawa 'tsaka sinamaan ng tingin 'to. **"You may leave,"** dagdag pa niya.

"Oh, but why?" nagulat si mommy. **"You can invite him over,"** tumango-tango siya sa lalaki. **"Come in, hijo, you're welcome here."**

Napabuntong-hininga ako 'tsaka nilingon si Taguro. Ipinagtaka kong muli nang makita ang malawak na ngiti sa mukha niya. Kumunot lang ang noo ko nang makitang na kay Lovemir ang paningin niya. Ang lalaki naman ay panay ang pagpag sa suot na suit 'tsaka pa lang napatingin kay Taguro. Hindi man lang nagbago ang blankong hitsura nito. Nakita kong bumuntong-hininga si Lovemir saka bumaling sa 'kin. Kumunot ang noo ko nang magtama ang paningin namin. Samantalang walang nagbabago sa mukha niya.

"Happy birthday." Si Lovemir ang unang bumati sa 'kin.

"Happy birthday, Lohr!" magiliw na bati ni Eerah Anitha.

"Thanks," hindi ko naitago ang kakaibang pagtataka.

Hindi ko malaman ang nararamdaman, naninibago yata ako sa mga nakikita ko. Lalo na kay Taguro. Kung hindi lang masakit sa mata ang bagong bisita ay posibleng nagpa-fireworks ako sa magagandang ngiti niya.

Pinatuloy ko ang mag-asawa. Hinawakan ko ang kamay ni Taguro, pilit siyang inilalapit sa 'kin.

"Bakit gano'n kaganda ang ngiti mo sa MIB na 'yon?" inis kong tanong.

"MIB?" taka niyang tugon.

"Man in black," pasinghal kong bulong.

"Tss."

"Hindi mo siya kailangang ngitian nang gano'n kaganda, Taguro, hindi ikaw ang may birthday."

"Seloso," natatawa niyang bulong.

"You know that I get jealous easily, Maxpein. What's mine is *mine* and I'm going to protect it."

"Hindi ako naaagaw sa ngiti, Sensui."

"But that smile is also mine, Taguro. I don't share."

"Tss."

"'Wag mong sirain ang gabi ko," inis ko talagang sinabi. Sinamaan niya ako ng tingin na para bang ako pa ang may kasalanan. *Manhid! Mayabang! Tapos kapag sa 'kin ay napakaramot! Tch!*

Sinalubong na naman ako nang pagbati. Nakipagkumustahan ako sa mga bisita. Kakaunti lang ang bisita pero marami pa rin sa paningin ko. Karamihan sa kanila ay mga kakilalang tao ni Chairman Enrile. Batid kong kaya niya inimbita ang mga ito ay para linisin ang pangalan sa mga nangyaring insidente.

Agad na nakihalubilo ang mag-asawa sa iilang kakilala. Wala na doon ang mga Moon, Enrile at Rewis. Marahil ay nasa mesa na sa garden.

"Akala ko ay simple party lang 'to, *en grande* pala," muling lumapit si Eerah. **"Happy Birthday again!"** akma siyang yayakap upang humalik, inakbayan ko si Taguro at inilapit sa 'kin. Natawa siya. **"Oh, relationship goals. To stick together, isn't it?"** sarkastika na namang aniya.

"Yeah, stay faithful or stay single," nakangiting sabi ko. Ngumiwi siya.

Nagpaalam si Taguro na kakausapin si Maxwell. Natanaw ko kung gaano kaseryoso ang pinag-uusapan nila. Sa takot na maiwan kay Eerah Anitha ay sumama ako kay mommy na makipag-usap sa mga kilalang bisita. Maging ang pag-aayos ng mga regalo ay pinatos ko para maiwasan si Eerah Anitha. Hindi yata niya inaalis ang paningin sa 'kin, nakasunod kahit saan ako magpunta.

Nahinto lang ako sa pagiging abala nang masulyapang nakaupo si Taguro. Lalapit na sana ako nang mapansin ang pagiging tutok niya sa kung saan.

Sumimangot ako nang makitang si Lovemir ang tinitingnan niya. Abala itong matakasan ang mga babaeng bisita na nagpapakita ng interes, mukhang wala siyang pakialam. Panay ang sunod niya sa asawa na wala ring pakialam sa kaniya.

"May gusto ka ba ro'n?" pasinghal ko na namang bulong kay Taguro nang makalapit.

"Eh?" nagtataka niyang tugon.

"Sinong tinitingnan mo ro'n?"

"Huh? Wala."

"Tch. I wish my eyes could take photos for evidence. Panay ang sulyap mo kay Lovemir, babe, nakita ko, naba-badtrip na 'ko," seryoso kong sabi, ipinakita sa kaniyang naaasar talaga ako. **"Bakit ba panay ang tingin mo sa kaniya?"**

"Wala nga," sumeryoso rin siya.

"Isa pa, Taguro," banta ko. **"At kapag nahuli ka niyang nakatingin, pag-uumpugin ko kayong dalawa."**

Naasar ako. Hindi lang isa o dalawang beses kong napansin ang pagsulyap ni Taguro kay Lovemir. Hindi lang basta selos ang nararamdaman ko nang dahil do'n.

"Sorry," hindi ko maramdamang sinsero siya. Sinamaan ko lang siya ng tingin 'tsaka iniwan. **"Woi."**

"Ano?" asik ko nang hawakan niya ang braso ko.

"'Wag ka nang magalit."

"Panay ang tingin mo sa ibang lalaki, kaharap mo pa man din ako. Sino ang matutuwa sa 'yo?"

"Hindi naman panay, eh," nakanguso niyang sabi. **"Oh, sige, dalawang beses ko lang siyang tiningnan—"**

"Anim, Taguro," pigil ko. **"Anim na beses kitang nahuling nakatingin sa kaniya."**

"Wow, asa. Tatlong beses lang. 'Yong iba ay sa iba rin—aray!" Pinitik ko ang noo niya. **"Nananakit ka na, ah? Bibigwasan kita."**

"Iba ang nakikita ng mga mata ko sa puso ko, Taguro, kaya doble ang bilang!" sagot ko. Ngumuso siya. **"Hindi ka aalis sa tabi ko,"** sabi ko 'tsaka hinila ang kamay niya.

Muli akong nakipagbiruan kina Lee at Tob hanggang sa mawala ang inis ko kay Taguro. Panay ang pang-aasar ng mga kaibigan ko sa parehong girlfriend nila. Hindi nakaligtas sakin ang pananahimik ni Taguro, lalo na

ang mga ngiti niya habang nakatitig sa 'kin. Kahit hindi na ako ang nagsasalita ay sa 'kin pa rin siya nakatingin.

"What?" inis ko na namang tanong ko.

Kanina kung kani-kanino ngumingiti at tumitingin, ngayon naman ay parang asong gutom na titig na titig sa 'kin. Abnormal talaga ang babaeng 'to kahit kailan.

"Nothing," nakangiti siyang umiling. **"I'm just wondering how you can be so cute all the time."**

Natigilan ako, ngumuso 'tsaka sandaling napaisip. *Tch!* Nagpanggap pa rin akong galit. **"Tch! Lahat ba nang tinititigan mo ay pinag-iisipan mo nang ganiyan?"**

Ngumiwi siya na para bang nag-iisip. **"Hindi naman. Hindi ko sila iniisip gaya nang pag-iisip ko sa 'yo."**

"Deib Lohr, Maxpein, halina muna kayo at kumain," anyaya ni Manang, panay ang kaway sa 'min.

Sumunod kami kay Manang sa garden. Natigilan ako nang makitang magkakasama ang mga Moon at Rewis sa mahabang mesa. Bagaman inaasahan ko nang naro'n sila, naninibago ako. Halos kami lang ang naro'n, maliban sa mga tagasilbi. Kulang ang pamilyang Moon, nanatili sa loob sina Maxwell at Maxrill. Habang ang mga Rewis ay walang kasamang tauhan.

Nilingon ko si Taguro na tutok na tutok na naman ang paningin sa mga ito. Hawak-kamay kaming naglalakad papalapit. Ang kaninang inis ko para kay Taguro ay muling natakpan ng halo-halong pakiramdam. Alinlangan, takot, kaba at kung ano-ano pa.

"Here they are," bungad ni Chairman Enrile. Sabay kaming tumango ni Taguro. **"Sit down**. **Ngayon ko lang nalaman na magkaklase pala ang apo ko at ang anak mo?"** Sandali akong natigilan hanggang sa mabatid kong si Eerah Anitha ang tinutukoy nito.

"Hindi ba nabanggit ng apo mo sa iyo?" natatawang tugon ni Chairman Rewis. Ang sumunod nilang pag-uusap ay hindi ko na narinig. **"Kunsabagay ay hindi rin naman natin napag-uusapan ang tungkol diyan."**

Iginala ko ang paningin sa mahabang mesa na pakiramdam ko ngayon ay unti-unting umiikli. Pakiramdam ko ay nasasakal ako sa sandaling 'yon dahil nasa harap namin ang mga Rewis. At sa t'wing maiisip ko ang mga sinabi ni Eerah Anitha ay parang gusto kong tumakbo papalayo sa mga ito.

Sila ang may kagagawan ng lahat nang nangyayari ngayon. Paano nila nagagawang makipag-usap nang ganitong kaayos sa amin ngayon? Paano nilang naitatago sa likod ng mga ngiti ang lahat?

Talagang hindi kababakasan ng kasamaan ang mga ito. Parang imposible ang mga sinabi ni Eerah Anitha. Natural na natural ang pakikitungo nila at talagang mapagkakatiwalaan ang mga salita. Pero hindi ako pwedeng pakasiguro. Hindi naman nila pwedeng ipakita ang tunay na kulay basta-basta.

"I've heard a lot about you," nangibabaw ang tinig ni Chairman Rewis.

Hindi ko alam kung gaano katagal akong nakatulala. I don't think I can function any more.

Sinuyod ko ng tingin ang mga Chairman. Napakalayo ng agwat ng edad ni Chairman Rewis kay Chairman Moon, lalo na kay Chairman Enrile. Pero ang kapangyarihang meron sila ay pinaglalapit ang mga edad nila.

Nagsimula kaming kumain ni Taguro. Hindi niya napapansin ang paulit-ulit kong pagdaragdag ng pagkain sa plato niya. Kahit kasi hindi tutok ang paningin niya sa nag-uusap ay halatang sakop ng mga ito ang utak niya. Hindi siya kumikibo, tahimik lang na kumakain. Ako naman kahit makinig ay walang naiintindihan dahil tungkol sa business ang usapan nila.

Nagtataka lang ako kung bakit hindi nila napag-uusapan ang mga nangyayari. Kahit pa nabanggit ng mga Rewis ang pagtulong na ginawa para maibalik ang tiwala ng magulang ng mga estudyante.

"Hindi ako nagkamaling humingi ng tulong sa inyo," pinagkadiinan ni Chairman Enrile ang sinabi mayamaya.

Natinag ako't palihim na sumulyap. 'Ayun na yata ang hinihintay ko. Nakatuon sa kaniya ang paningin ng lahat.

"Alam ko kasing kayo lamang ang makatutulong sa akin kaya hindi na ako nagdalawang-isip pang tanggapin ang inyong alok. Salamat."

Umangat ang labi ni Chairman Rewis, lalo siyang bumabatang tingnan kapag ngumingiti. **"Walang anuman, Chairman Enrile,"**napakagalang talaga ng tono nila. Kung pwede ko lang biruin ang mga 'to ay tatawagin ko silang sinaunang tao. **"Kung may maitutulong naman, bakit hindi kami tutulong, hindi ba?"** mariing dagdag niya. Nginitian lang 'yon ng Chairman namin. **"Ginawa ko naman iyon hindi para sa pakinabang ng isa kundi nang mas nakararami. Sabihin na nating nakatulong kami pero ang layon ko ay ang mabigyang kasiguraduhan ang mga**

estudyante sa kanilang kaligtasan. Pag-aaral lamang naman ang kanilang hangad, napakagandang dahilan."

Pakiramdam ko ay may iba pang ibig sabihin si Chairman Rewis. Sa isip ko ang dating no'n ay hindi sila tulad namin na tumangging tulungan ang asawa niya kaya 'to namatay. Napapraning ako kaiisip.

Hindi ko rin maiwasang maasar kay Chairman Enrile. Sa dating kasi nang mga sinasabi niya ay para bang ipinapamukha niya sa mga Moon na ang mga Rewis ang higit na nakatulong sa kaniya. Patama ang mga sinasabi niya sa pamilya ni Taguro. Pakiramdam ko ay kabastusan ang pag-usapan nila ang tungkol sa pagtulong ng mga Rewis nang kaharap ang mga Moon. Kulang na lang kasi ay sabihin niyang hindi nakatulong o hindi naging matagumpay ang pagtulong ng pamilya ni Taguro. Pangit sa pakiramdam. Nakikita ko kina daddy at lolo na gusto rin nilang pigilan si Chairman. Pero masisira ang daloy ng usapan nila ni Chairman Rewis kapag nabastos.

"Pero ang dinig ko'y tumulong din naman ang mga Moon?" Nakangiting nilingon ni Chairman Rewis si Chairman Moon, nakangiti itong tumango. **"Dapat mo rin silang pasalamatan sa tingin ko,"** bumaling siya muli kay Chairman Enrile. Pero hindi ito nagsalita, nag-iwas lang ng tingin, napakabastos ng dating.

"Oh, hija?" nabasag ang usapang 'yon sa tinig ni mommy, lahat ay napalingon sa kaniya. Ngunit ang mga mata niya ay nakaangat sa kararating lang na si Eerah Anitha. **"Sit down, hija,"** agad na umalalay ang mga tagasilbi sa mag-asawa.

Bigla namang natigilan si Chairman Rewis, kunot-noong tiningnan ang dalawa. Bumilis ang paghinga nito habang masama ang tingin. Saka tumayo at lumapit kay Eerah Anitha. **"What is he doing here?"** sinikap niyang ibulong ang tanong pero hindi siya nagtagumpay. Hindi lang siguro ako ang nakarinig no'n.

"Dad..." Mahina at nahihiya ang tinig ni Eerah Anitha. Napailing nang hindi magbago ang masamang tingin ng ama. **"Hindi ako nakasabay sa inyo nang magalit sa 'kin si Cargosin kanina, you left me,"** nagmamaktol nitong bulong, dinig pa rin. **"Wala akong dalang sasakyan. Tumawag sa 'kin si Lovemir at sinabing pupunta rin siya dito kaya sumabay na ako."**

Pupunta si MIB dito? Tch. Sino naman ang nag-imbita sa kaniya. Nilingon ko si Taguro, nakangiti na siya sa 'kin. **"Ikaw ang nag-imbita diyan sa lalaki mo?"**

"Hindi ko siya lalaki."

"Babae, ikaw ang nag-imbita diyan sa babae mo?" naaasar kong sabi. Natawa lang siya. **"Tch. Ayos ka rin, ah?"**

"Tss. Come on, babe, for me there is only you," kunot-noong bulong niya. **"And inviting him doesn't change that."**

"Is there a problem?" magalang na ani daddy. Natinag ako. Lumapit siya sa mga Rewis.

Sandaling natigilan si Chairman Rewis 'tsaka nakangiting bumaling dito at umiling. **"Nothing. Hindi ko lang inaasahang darating siya nang may kasama na hindi naman namin inimbita."**

Woah there...

Gulat akong napalingon kay Lovemir. Gaya kanina ay walang nagbabago sa hitsura nito. Nakayuko lang at kukurap-kurap ang mga mata habang nakatuon sa lupa. Pakiramdam ko ay ako ang napahiya para sa kaniya. Ang lakas ng loob kong maawa samantala kanina lang ay gano'n din kay Chairman Rewis ang isip ko.

Batid kong hindi lang ako ang nagulat sa sinabi ng Chairman. Hindi kami sanay sa gano'ng pakikitungo ng isang magulang sa nakababata. Nasanay akong kahit pa gaano kaliit tingnan ang ipinakikilala ko sa pamilya ko ay inirerespeto pa rin nila.

Kung hindi nga lang nalaman ni Chairman Enrile na anak sa ibang babae si Taguro ay paniguradong gusto niya pa rin siya para sa 'kin. Tch. Matindi rin pala ang Chairman Rewis na 'to.

Kataka-taka ang inasta ng Chairman. Kahit mahina kasi ang pagkakatanong sa anak ay mahihimigan ang galit sa tinig niya. Habang si Eerah Anitha naman ay para bang takot na takot sa ama habang napapahiya sa mga nakakakita. Hindi pa rin iniisip ang mararamdaman ng asawa niya.

"Have a seat, hijo." Binasag ni lolo ang katahimikan. Nag-angat ng tingin si Lovemir sa kaniya bago sumunod. **"BIS student din siya at kaklase ni Maxpein kung hindi ako nagkakamali,"** nakangiti pa ring dagdag niya. **"Lovemir Limaco."**

"Yes, dean," nanatiling kaswal si Lovemir.

Tumango-tango si lolo. **"Dinig ko'y magaling kang estudyante. Bukod doon ay aktibo sa clubs. Mahusay."** Magaling si lolo sa gano'n, ang purihin ang isa sa mga kalakasan niya sa t'wing hinihiya ito.

"Thank you, dean."

Galit siguro sila sa kaniya? Tch. Malamang! Hindi naman siya tatratuhin nang gano'n kung hindi. Dahil kaya sa ginawa niya kay Eerah Anitha? 'Buti natatagalan niya 'yong ganiyang trato sa kaniya? 'Hirap!

"Noon, panay bully lang ang problema ko sa BIS," tatawa-tawang ani lolo, umiling 'tsaka sumeryoso. **"Pero ngayon ay kakaiba na."**

"Nasisiguro kong may dahilan kung bakit nangyayari ang mga ito." Nasa tinig ni Chairman Rewis ang awa pero wala iyon sa kaniyang mukha.

"Sana ay iyon na ang huli at huwag nang maulit pa."

"Sana nga. Hindi natin nalalaman, baka nagsisimula pa lang."

Wala sa tinig ni Chairman Rewis ang pagbabanta. Pero may kung ano ro'ng nagsasabi na maghanda kami. Napapraning na naman ako.

Natinag ang lahat nang tumayo si Chairman Moon, inayos ang kaniyang coat 'tsaka ngumiti sa lahat. Sumunod namang nagsipagtayuan sina Mokz, Maze at More.

"Hindi na namin palalalimin pa ang gabi," ani Chairman Moon. **"Kailangan na naming umuwi."**

"Masyado pang maaga," ani Chairman Rewis.

"Kailangan na naming makapagpahinga. Marami pang kailangang asikasuhin bukas."

"Ganoon ba?" Agad na tumayo si Chairman Rewis at muling inilahad ang kamay rito. **"I'm pleased to meet you, Chairman Moon."** Tango na lang ang sagot ng kaharap. **"Sana ay muli tayong magkasama kapag may pagkakataon."** Tango na lang ang isinagot ng mga Moon dito saka nakangiting nagpaalam sa iba.

"Ihahatid ko na muna sila," paalam ni Taguro, tumango rin sa lahat bago umalis.

"Who invited you here?" biglang tanong ni Chairman Rewis kay Lovemir. Hindi 'to nakasagot. **"I'm surprised, I didn't expect to see you here, Lovemir. Who invited you?"**

"Ako po," hindi ko napigilang magsalita. Nagulat si Lovemir at napatitig sa 'kin. **"Kaklase siya ng girlfriend ko. Nagkasama na kami sa Batanes."** 'Tsaka ko palang tiningnan si Lovemir at binigyan nang makahulugang tingin.

Tumikhim ang Chairman, pasimpleng sinamaan ng tingin si Lovemir. Inayos ang sariling coat 'tsaka tumayo. **"You don't have to stay long here."** Hindi man deretsa ay halatang pinaaalis na ni Chairman Rewis si

Lovemir. Pakiramdam ko ay ako ang binastos niya pero wala akong lakas ng loob para magsalita.

Isa-isa na ring nagsipagtayuan ang lahat, pinangunahan ni Chairman Enrile. Naiwan kami sa mesa ni Lovemir at hindi ko maiwasang mapatingin sa kaniya. Nananatiling blanko ang mukha niya habang nakatingin sa soup niyang hindi naubos.

Napalingon naman ako nang marinig ko ang pagtaas ng tinig ni Chairman Rewis na para bang pinagagalitan na naman si Eerah Anitha. Ang pamilya ko naman ay papabalik na sana sa bahay nang makasalubong ang kararating lang na sina Randall at *Noona,* karga-karga si RD.

Napalingon ako kay Lovemir nang marinig ko ang malakas niyang buntong-hininga. **"Hindi na rin ako magtatagal,"** ngumiti siya, pilit. **"Salamat sa pagpapatuloy at sa pagkain."**

"Wait," hindi ko inaasahang sasabihin ko 'yon. Labag man sa loob ko ay talagang naaawa ako sa kaniya. **"May kaunting salo-salo pa mamaya, baka gusto mong sumama? Kakilala mo naman ang karamihan sa makakasama do'n, classmates niyo ni Maxpein."**

"Hindi na," tunay na ang pagngiti niya. **"Hindi ako imbitado. Si Maxpein lang ang umanyaya sa 'kin. Kaya ko ginustong pumunta ay para makita si Eerah Anitha."**

Napailing ako at sinabayan siyang tumayo. **"Are you sure? Matatapos na rin naman ang party."**

"Thank you. Pero mas pagagalitan si Eerah kung mananatili ako."

Gusto kong itanong kung bakit. Pero hindi gano'n kaganda ang pundasyon namin para mag-usisa ako.

"Sige. Naiintindihan ko,"napabuntong-hininga ako.

"Salamat," ngumiti siya. Umiwas ako nang akma niyang tatapikin ako. Natawa siya. **"Pakisabi na lang sa girlfriend mong nauna na ako."**

"Baka magkita kayo sa gate, magpaalam ka na lang sa kaniya," bukal sa loob ko 'yon.

Nagkamali nga yata talaga ako sa taong pinagseselosan.

Muli akong napabuntong-hininga nang tumango siya 'tsaka nakapamulsang naglakad papalayo. Nakita kong tinapunan siya ng tingin ng mga Rewis pero hindi na niya nilingon pa ang mga 'to.

Napailing ako. Posible palang makaramdam ng awa sa lalaking pinagseselosan. Siguro ay ganito rin ang naiisip at nararamdaman sa kaniya. Kaya gano'n na lang siya kabait sa kaklase.

MAX'S POV

"ANONG oras ka uuwi?" kunot-noong tanong ni Maxwell. **"'Wag ka nang magtagal dito."**

Tumango ako. **"Tatapusin ko lang 'yong party. Sabay-sabay na kami nina Yaz."**

"Iiwan ko 'yong kotse." Iniabot niya sa 'kin ang susi. **"Magsabi ka kapag pauwi na kayo."**

Tinanaw ko ang pag-alis nila. Pagpihit ko pabalik ay nagtama ang paningin namin ni Lovemir. Ngumiti siya nang magkaharap kami.

"I think I should go now."

"Are you okay?" inosente kong tanong.

Nakangiwi siyang ngumiti. **"Mm, I guess I am."**

"Will you be fine?"

"Of course. Thanks for the invite."

"Thanks for coming."

"I said goodbye to your boyfriend and thanked him for the dinner. I'll go now."

"Take care."

Hindi niya na ako sinagot. Tinanaw ko ang paglayo niya. Hindi ko inaasahang sandali lang siyang maglalagi. Ang inaasahan ko kasi ay may mahihita ako kahit kaunting impormasyon lang.

May nalalaman nga kaya siya? Bakit kaya sila naghiwalay? At bakit gano'n na lang ang pakikitungo ng mga Rewis sa kaniya?

Tinanaw ko maging ang paglayo ng kotse niya 'tsaka ako tuluyang pumasok.

"Nakakaawa siya, 'no?" Muntik ko nang makabunggo si Sensui.

"Grabe naman," nasabi ko sa gulat. **"Anong ginagawa mo diyan?"**

"Susundan ko sana si Lovemir kaso ang bilis niyang maglakad, babe."

"Nakaalis na."

"Oo nga," aniya na nakatanaw pa rin sa labas. **"Nakakaawa siya, babe."**

"Bakit?"

"Dahil do'n sa trato sa kaniya ng pamilya ni Eerah Anitha, tapos gano'n pa ang trato sa kaniya ng asawa niya."

"Labas tayo ro'n."

"Nakakaawa pa rin siya."

Ngumiwi ako. **"Hindi ba't nagseselos ka ro'n?"**

"Hindi na ngayon. Panay awa na ang nararamdaman ko. Naiisip ko pa lang na ako ang nasa sitwasyon niya ay sumusuko na 'ko. I believe that life is too short to be anything but happy. He looks really sad," umiiling pang aniya 'tsaka bumuntong-hininga. **"Pwede mo na ba 'kong isayaw?"** inialok niya sa 'kin ang braso na nakangiti ko namang tinanggap.

May ilan nang nagsasayaw nang makapasok kami, karamihan ay kaibigan namin. Kaya agad kaming pumwesto sa gitna at nakisayaw sa mga ito. Hindi pa man natatapos ay nangibabaw na ang isang love song.

Nagkangitian kami ni Sensui. **"Ang sexy mo ngayon, ah?"** bulong niya matapos halikan ang sentido ko.

Nakangiwi akong tumango. **"Sume-sexy ako kapag nandiyan si Yaz."**

"Siya ba pinopormahan mo?"

"Tss. Tinutulungan niya 'kong mag-ayos ng sarili para magmukha raw akong presentable sa harap mo."

"May point siya. Marungis ka kasi parati." Sinamaan ko siya ng tingin. **"Hahaha, biro lang! Ang sama mo na namang makatingin. Tch."**

Nagpatuloy kami sa pagsayaw, parehong walang pakialam sa mga matang nakatuon sa 'min.

"Hindi ko maiwasang mamangha sa t'wing nasa harap kita, Taguro," muli ko siyang tiningnan. **"Masarap sa pakiramdam 'yong lahat ng gusto mo ay nasa mismong harapan mo."**

"Tss."

Sandaling katahimikan. **"Hindi mo nabanggit sa 'king pinasok pala kayo. Hindi mo rin nabanggit 'yong nangyari sa mga kapatid mo. I'm glad to see that you're all okay now. But aren't you scared of what's happening these days, babe?"** inulit niya ang tanong na naitanong na.

"Natatakot."

Nawala ang magandang mood ko. Napapaisip kung paanong magiging maingat sa pagsagot. Ang totoo kasi ay nadala lang ako ng galit kaya ko napagsalitaan at nasagot ang Chairman nila.

"Pero ayaw ko na munang pag-usapan 'yon. Naayos naman na raw ng mga Rewis, 'di ba?" itinago ko ang pagngisi.

Paano naging gano'n kadali para sa kanilang ayusin 'yon?

"Paano, babe, kapag nalaman mo kung sino ang nasa likod ng mga nangyayari? Ano ang gagawin mo sa kanila?" may alinlangan sa tinig niya.

Tinitigan ko siya 'tsaka ako ngumiwi. **"Wala. Hindi naman ako batas para hatulan sila. Bahala na ang batas. Pero 'tsaka na natin pag-usapan 'yan para hindi naman masira ang party mo,"** nakangiti kong sabi, pilit na iniiwas do'n ang usapan.

"Nasaan ang regalo ko?"

"Wala, eh," napapahiya kong sabi. Ngumuso siya. **"Sa susunod na taon na lang uli ako magreregalo. Ako ang magpapatahi ng gown mo."**

"Ano?" asik niya.

"Debut mo, 'di ba?" natatawa kong tanong.

"Tch. Ang korni mo," tinawanan ko na lang siya. **"Pero kung hihiling ako sa 'yo ng regalo, ibibigay mo?"**

"Depende, kung kaya ko naman, eh, bakit hindi?"

"Kayang-kaya mo, Taguro."

"Tss. Ang alin na naman, pakasalan ka?"

"Asa," singhal niya sa mismong mukha ko. **"Kahit isa 'yan sa mga pangarap kong makuha, iba ang hihilingin ko sa 'yo. Tch!"**

"Alright, then, tell me," natatawa kong sabi.

Sumeryoso siya. **"Being someone's first is always special, but being their last is even better."**

"And?"

"Please don't stop loving me? I really want to end up with you."

Napangiti ako, pilit pinaaangas ang dating. **"I am a hard person to love, Deib. But when I love, I love really hard. 'Yan na 'yong pangarap mong regalo? Tss. Uod."**

"Anong uod?" nandidiring tugon niya.

"Pagkain ng sisiw ko."

"Huh?"

"Slow."

Sumama ang mukha niya. "Nagsisimula ka na naman, Taguro."

"I love you, my birthday boy."Kinindatan ko siya.

"I need a hug please," natatawa niyang sabi 'tsaka niyakap ako. **"I also need a kiss."**

"Asa."

"Kiss me and you'll see stars,"nakangising bulong niya, ang labi ay malapit na sa aking tainga. "Love me and I'll give them to you."Humarap siya upang tumawa sa mismong mukha ko.

Tss. **Natatawa akong umiling saka yumakap sa kaniya. "I don't need stars, I am permanently in love with you."**

Humiwalay siya saka ako nginisihan, tinitigan na para bang kinikilig na naman sa sinabi ko.

"You know, men are like stars, babe. There are millions of them, but only one can make your dreams come true."

"Who?"

"The star that falls for you."

"Tss," pinigilan ko ang mangiti. "Lucky star, it landed to the moon."

OceanofPDF.com

CHAPTER 194

MAX'S POV

Ang magandang sandali namin ni Sensui ay nabasag nang tumunog ang cellphone ko. **"Sandali lang."**Pinanood niya akong sagutin 'yon. **"Hello?"**

"Maxpein," tinig ni Heurt. **"Are you busy?"**

Ngumiti ako. "Nasa party ako ni Deib Lohr."

"Nandito ako sa TB at sa tingin ko ay kailangan mong pumunta rito."

Napatitig ako kay Sensui. **"Excuse me,"**nagmamadali kong sinabi 'tsaka lumayo. **"Bakit?"**

"Pumunta ka na lang kung pwede. Marami kasing customers," aniya 'tsaka ibinaba ang linya.

Napabuntong-hininga ako at napaisip. *Bakit biglaan naman?* Muli akong lumapit kay Sensui. **"Si Heurt."**

"Bakit daw?"

"Pinapupunta niya ako sa TB."

"Anong oras na, ah?"

"Hindi niya sinabi kung bakit pero sa tingin ko ay kailangan kong pumunta."

"Gusto mo bang samahan kita, babe?"

"Hindi na. May mga bisita ka pa," ininguso ko ang mga naro'n pa. **"Susubukan ko na lang bumalik kung kaya pa."**

"Makakabalik ka pa?"

"Susubukan ko."

He sighed. "Mag-ingat ka, ah?"

"Oo naman." Matamis akong ngumiti.

Nagpaalam ako kina Yaz. Pinakiusapan ko si Lee na ihatid sila sa mansyon. Nakanguso si Sensui ako sa labas. Dinig ko ang buntong-hininga niya nang makasakay.

"Akala ko ay makakasama pa kita nang matagal, babe," nanlulumo niyang sinabi. **"Kung saan-saan ka na naman pumupunta."**

"Babe, naiintindihan mo naman, 'di ba?" nakangiti kong tugon.

"'Yon na lang naman ang magagawa ko, 'di ba?"

"'Wag ka nang malungkot."

"Hindi naman. Ayos lang. Umasa lang akong makakasama pa kita nang matagal."

"Magkakasama pa naman tayo. Kasama mo 'ko ro'n sa regalo sa 'yo, 'di ba?" nakangisi kong tanong. Ngumiti siya at tumango. **"'Wag kang mag-alala. Maraming tao nang nakapasok sa isip ko pero iisa lang ang nagkasya sa puso ko."**

"Wow. Tch." Sabay kaming natawa. **"Matutulog tayo nang tabi ro'n, ah?"**

Napangiwi ako. **"Ayoko."**

Nanlaki ang butas ng ilong niya, napanganga. Saka kunot-noong ngumuso. **"Bakit na naman, Taguro? "**

"Minamanyak mo 'ko, eh."

"'Yang hitsura mong 'yan, kamanyak-manyak ba? 'Tong hitsurang 'to, manyakis para sa 'yo? Nasaan ang taste mo, Taguro? Hindi ka patas."

"Woi. 'Yong ginawa mo nga lang kanina ay labag sa limitasyon ng pagkatao ko."

"Eh, bakit hindi ka pumalag? Kasi gusto mo rin. Dahil mahal mo 'ko."

"Ang taba ng utak mo, eh, 'no?" sarkastiko kong sabi.

"Pero mas mataba ang puso ko dahil no'ng sobrang taba mo ay nagkasya ka dito." Itinuro niya ang dibdib. **"You will sleep beside me and we'll wake up together the next day, baby babe."** Sinabi niya iyon na para bang ganoon talaga ang mangyayari. **"We will not make love because love will make us."** Seryosong-seryoso siya nang sabihin 'yon.

Parang totoo. Parang tanga. Nakangiwi akong napaiwas. *'Daming alam!* **"Aalis na 'ko."** In-start ko ang makina.

"Sige, balitaan mo na lang ako. Sana ay walang problema."

"Salamat." Sinikap kong ilusot ang ulo ko sa bintanang 'yon at saka humalik sa labi niya. **"Hm! 'Tamis!"** 'tsaka ko tiningnan ang may kaliwanagan nang langit. **"Aba, totoo nga, 'no? Hahaha! Lintik nang daming stars, oh?"** itinuro ko pa ang mga 'yon.

"Loko ka, Taguro." Natawa siya. **"Tapos ako pa ang manyakis? Eh, ano ang tawag sa 'yo? Mang-uumit ng halik? Tch!"**

"Bye," nakangisi kong sabi 'tsaka pinaharurot ang sasakyan papalayo. Tinanaw ko siya sa rear mirror, nakangiti pa rin siya. Nakangiti rin akong umiling. **"My heart doesn't stop from beating, why the hell should I stop loving? Tsk tsk."**

Dahil swabe ang kalsada ay mabilis kong narating ang TB. Sa labas pa lang ay batid kong kakaunti ang tao dahil iilan ang kotseng nakaparada. Masyado pang maaga para sa oras ng bar.

Sinalubong ako ni Jep. Syempre, nagulat sila sa hitsura ko. Noon lang ako nakapagsuot nang ganoon kaikling damit. Pula pa.

"You look gorgeous, seriously." Lumapit siya at humalik. **"It's nice to see you this pretty."**

"Pinapunta ako ni Heurt dito."

Bago pa man makasagot sa 'kin si Jep ay lumabas na mula sa kusina sa Heurt. Inalis ang apron 'tsaka lumapit sa 'kin. Sinipat niya ang kabuuan ko, tipid na ngumiti 'tsaka inginuso ang stage.

"May maitutulong ka ba sa isang iyon?"

Nagtataka kong nilingon ang stage at natigilan. *Lovemir?* **"Ano ang ginagawa niyan dito?"** wala sa sariling tanong ko.

"Kanina pa iyan nandito," ani Heurt. Hindi ko nagawang alisin kay Lovemir ang paningin.

"Itinabi na nga namin 'yong mesa sa kaniya dahil kawawa naman. Ako ang naha-haggard kakaakyat-baba niya sa stage. Wala pa namang tao kaya hinayaan ko na lang. Guwapo, eh," dinig kong ani Barb. Hindi ko napansin ang paglapit niya dahil napako na sa stage ang paningin ko.

Lumapit ako kay Lovemir na panay ang tipa sa piano na naroon sa stage. Kumakanta siya pero ang mic ay taliwas sa kaniyang bibig. Siya lang ang nakaririnig sa sariling tinig.

Hindi man lang siya natinag nang umakyat ako sa mababang stage. Nagpatuloy siya. Itinutok ko ang mic sa kaniyang bibig. Ang inaasahan ko ay magugulat siya at hihinto pero nagkamali ako.

Bakit ngayon may ibang kapiling ka? Mahal mo nga kaya siya, tunay ba? Ganiyan ba kadali, ako'y nilimot na. Nalimutan mo na bang mahal kita?

Tumingala siya sa 'kin at nagpatuloy sa pagkanta. Doon lang narinig sa mic ang mga liriko niya. Ang paraan nang pagkakatitig niya ay lumalampas. Para bang hindi niya nakikilala. Walang pakialam. Habang ang paningin ko

naman ay tumatagos sa kanta niya. Malungkot siya at sinasakop ng kalungkutan niya ang kabuuan ng bar na iyon.

Damn, this pain.

Ngayon lang ako nakakita at nakapanood ng kumakanta na sobrang ibinubuhos ang buong emosyon sa isang awitin nang harap-harapan. Sinumang nasa posisyon ko ngayon ay talagang madadala.

Ikaw ang mahal ko, ikaw pa rin sinta. Bakit iniwan mo na lang akong nag-iisa? Ikaw pa rin ang iibigin, magbalik ka sana. Asahan mong 'di magbabago sa 'yo, damdamin ko.

"Lovemir..."

Malakas kong sinambit ang pangalan niya nang mag-pause sa pagkanta. Ngunit pumikit siya na para bang mas ninamnam ang pag-awit. Parang wala siyang narinig at patuloy pa ring nasasaktan. Mas lalong walang pakialam sa nangyayari sa kaniyang paligid. Ang tanging mahalaga sa kaniya ay ang nadarama. Magkahalong tinig nang nasasaktan at umaasa, nakakaawa pero nakakahawa.

Paulit-ulit niyang kinanta ang koro hanggang sa maunawaan ko iyong lubos. Hindi ko na siya kailangang tanungin dahil alam ko na ang dahilan kaya siya nakakaganito. Sandali pa akong nagulat nang kumislap ang gilid ng mga mata niya. Alam kong anumang oras ay luluha na siya. Pakiramdam ko ay sandaling nag-flash sa isip ko ang mga sandaling ako ang nasa ganitong sitwasyon. Noong panahong ako ang nasasaktan at nakaramdam nang pag-iisa. Noon ko lang naintindihan kung bakit nila sinasabing kahit nakangiti ako ay malungkot ang mata ko. Ngayon ay iyon ang nakikita ko sa kaniya. Bagaman hindi siya totoong nakangiti ay ganoon na lang ang lungkot sa mga mata niya.

Bawat pilig ng ulo niya ay nakadaragdag sa emosyon at tensyon sa pakikinig. Bawat matataas na tono ay napapapikit siya ngunit kasabay noon ay ang pangingilid ng kaniyang mga luha. Ang mga katagang binitiwan niya ay magaan ngunit bumababaon sa isip. Mas nangibabaw nang todo ang emosyong pinakakalawan niya.

Hinayaan ko siyang kumanta. Hinayaan ko siyang lumuha. Hinayaan ko siyang makaramdam ng kapayapaan sa dibdib. Dahil no'ng mga sandaling ako ang nasa sitwasyon niya ay iyon lang din ang kakamping meron ako. Pakiramdam ko ay hindi ko pwedeng hindi gawin 'yon. Masyadong masakit sa dibdib ang gano'ng pakiramdam. At walang ibang paraan para

mabawasan 'yon. Kung marunong lang akong kumanta ay baka ganito na rin ang ginawa ko.

Pamilyar sa 'kin ang kantang iyon ng Freshmen na Ikaw Pa Rin ang titulo. Pero pakiramdam ko ay noon ko lang iyon nagustuhan dahil emosyonal niyang kinanta.

Mariin niyang inaawit ang bawat salita. Pakiramdam ko ay nakikita niya ang taong tinutukoy habang nakapikit. Kumakanta siya na para bang may kinakausap. Humihiyaw ang tinig niya sa pagkukuwento.

May kung anong awa akong naramdaman. Nagbaba ako ng tingin, hindi na matagalan ang panoorin siya. Aaminin kong may kailangan lang ako sa taong 'to. Pero sa pinagdaraanan niya ngayon ay magiging malupit ako kapag 'yon ang inuna ko.

Lumapit ako sa tagiliran niya't hinawakan siya sa balikat. Nag-alinlangan pa ako no'ng una pero pinisil ko rin 'yon. Hindi kapani-paniwalang hindi niya nga ako nakita bagaman nakatingin na siya sa 'kin. Dahil noon pa lang siya dahan-dahang nag-angat ng paningin sa 'kin, nangunot ang noo at dali-daling inayos ang sarili.

"What are you doing here?" tanong niya, wala talaga sa sarili.

"Kanina pa 'ko nandito." Nag-angat muli siya ng tingin, hindi makapaniwala. **"Napakinggan ko ang halos kalahati ng kinakanta mo."**

Natahamik siya, tumingin sa piano bago muling nag-angat ng tingin sa 'kin. **"You are invading my privacy,"** mahina niyang sinabi, malayo sa mikropono.

Sarkastiko akong ngumisi. **"This isn't a private place, Lovemir."** Sumeryoso ako. Sandaling naglapat ang paningin namin. **"And this isn't your space."**

Hindi siya nakapagsalita. Bumuntong-hininga siya saka nag-iwas ng tingin.

"My friend owns this place."

Noon niya lang uli ako tiningnan. **"What do you want?"** inis niyang tanong.

Sa unang pagkakataon ay hindi ko malaman ang isasagot. Noong ako nasa ganitong sitwasyon ay ayaw ko rin ng kausap kaya naiintindihan ko siya. Hindi ako handang humingi ng sorry, ayaw kong panoorin lang siya. Ngunit paano ko 'yon sasagutin nang hindi iba ang magiging iba ang interpreta niya?

"It's okay with me if I stay here," nasabi ko at huli na para bawiin pa.

Napapikit ako sa inis nang mag-iwas siya ng tingin, pinagsisihan ko agad na iyon ang nasabi.

"I want to be alone, Maxpein. Nobody asked you to come here and I'm not asking you to stay. I need some time alone. You're not needed."

Ah! Gusto kong matawa. *Sobra naman yata ang paghihinagpis niya?*

Warfreak ako pero hangga't lamang ang sakit na nararamdaman ko noon, kakatwang mas nakukuha ko pang maging mahinahon kompara ngayon.

"Bibihira ang taong binibigyan ko ng oras. Ayaw ko lang mapahiya sa kaibigan ko kaya pumunta 'ko dito."

Nilingon niya ang bar sandali saka muling nag-angat ng tingin. **"I can leave. If that's what they want—"**

"No." Ngumiti ako. **"You can stay here. Mayamaya pa darating ang customers. Nagsasara ito kapag paputok na ang araw. I will stay here, beside you."**

At 'wag ka nang magsungit dahil marami-rami ang itatanong ko. Hindi ko na pwedeng idagdag ang laman ng isip ko.

Iyon na ang magandang sandaling nakikita ko. Gusto ko mang irespeto ang nararamdaman niya, hindi ko alam kung kailan uli ako magkakaro'n nang ganitong pagkakataon. Maaaring wala na. Kaya naisip kong kunin na ang tyansa. Naisip kong magandang dahilan pa nga ang pinagdaraanan niya. May mahihingahan siya at mas posibleng magkwento. Sinikap kong gawing mahinahon. Ilang beses akong lumunok 'tsaka ako naupo sa cajon na nasa harap niya.

"I know you need someone to talk to. I can lend you my ears. You can have my time."

"No. Just leave." Noon ko lang naramdaman kung gaano siya kasungit.

Hindi talaga niya ugaling mamansin. Ngayon bukod sa pagiging masungit ay napakalamig ng kaniyang pakikitungo. Malayo sa Lovemir na nakilala ko sa school. Kunsabagay, sa klase namin ay ako lang ang kinulit niya. Bagaman hindi iyon katulad nang desperadong pangungulit niya sa asawa.

"You'll never understand my world." Ikinagulat ko pa nang may sumilay na mapait na ngiti sa labi niya.

"I'm not here to fit in your world. I'm here to be awesome," biro ko.

Tiningnan niya 'ko, unti-unti na namang kumunot ang noo niya at pasiring na inalis ang paningin sa 'kin.

"Life's too short to be damn serious, Lovemir. If you can't laugh at yourself, I can laugh at you."

"Get out of my face, Maxpein. You're not funny. Please."

"Look." Ipinipilit ko na ang aking sarili. **"Dumaan na 'ko sa ganiyang sitwasyon mo kaya naiintindihan kita."**

"You were married?"

"No," muntik pa akong mautal. Bakit nga ba kinalimutan kong matalino ang kaharap ko?

"Then you're never in the same situation I am right now. Please just leave." Itinuro niya pa ang daan.

Napapikit naman ako't napabuntong-hininga. Dahan-dahan akong tumayo, naghihintay na sabihin niyang kailangan niya ng kausap, naghihintay na bawiin niya ang sinabi. Pero nabigo ako. Nakababa na ako't lahat sa stage, hindi niya pa rin inaalis ang paningin mesa. Sadyang inilagay 'yon sa tabi niya.

Muli akong lumapit kina Jep at Barb na pareho nang magkakrus ang mga braso habang naghihintay sa 'kin.

"How the hell to cheer up a brokenhearted guy?" inis kong tanong na muling nilingon si Lovemir.

"Ang gwapo niya." Iyon ang tanging nasabi ni Barb. Inis ko siyang nilingon. Para siyang asong naglalaway habang nakatitig kay Lovemir. **"Paano nagawa ng taong bumuo nang ganiyan kagandang nilalang? He's a god!"**

Sasagutin ko pa sana siya ngunit muling umalingawngaw ang piano. Kakanta na naman yata si Lovemir. Paulit-ulit niyang tinipa ang piano sa iisang ritmo hanggang sa umulit sa simula. Para bang hinihintay niyang maging handa ang sariling sabayan 'yon. Makapanindig-balahibong ungol ang kumawala sa kaniya nang ilapit ang labi sa mikropono. Pumikit siya saka nagsimulang magbigkas ng awit.

I can't sleep... Everything I ever knew is a lie without you. I can't breathe when my heart is broke in two. There's no beat without you.

Napakalaki ng boses niya. Malayo sa tinig na gamit niya kanina. Tatlong salita at kaunting tinig pa lang ang lumabas sa bibig niya pero parang konsyerto na ang napanood ko. Napakahusay niya sa pagkanta.

"Aahhh..." Napaungol sa paghanga ang mga bakla. Batid kong maging sila ay nakaramdam ng awa kay Lovemir.

Bakit niya ba ginagawa 'to sa sarili niya? Tss. Mukhang naka-move on na 'yong isa, kailan siya? Kailangan mong tulungan ang sarili mo. Makatutulong ang musika pero kung ganito ang kakantahin mo ay lulubog ka lang lalo.

"It seems like this guy has been strong for too long," umiiling na sabi ni Jep 'tsaka tumango-tango nang magpatuloy si Lovemir sa pagkanta.

Isa iyon sa mga kilala kong kanta ng Westlife. Hindi na iyon bago sa pandinig ko, madalas sa radyo. Pero parang ngayon ko lang naintindihan ang ipinararating ng kanta.

Ano ba ang nangyari sa inyo? Ano ang dahilan para magkahiwalay kayo? Gaano mo kakilala ang babaeng iniiyakan mo ngayon? Sigurado ka ba sa pagkatao niya para magkaganito?

Pakiramdam ko sa ilang dipang layo namin ay nakikita ko ang kinang ng mga luha niya. Bagaman alam ko sa tinig niyang hindi siya lumuluha.

He's hurting so much. I can't watch him anymore. Tsk.

Isa talaga sa pinakaayaw ko ay makitang umiiyak ang lalaki. Pakiramdam ko ay puso ko mismo ang dinudurog para rito. Napakasakit isipin pero mas masakit panoorin. Ang estrangherong lalaking 'to sa harap ko ay hindi ko lubos na kilala pero nauunawaan ko. Naiintindihan ko ang pinagdaraanan niya.

This is all about you, Eerah Anitha. This is all about you.

Muli niyang tinipa nang paulit-ulit ang piano. Nag-iiba ang tono ng kanta. Nagiging mas mabilis 'yon at malayo na sa naunang tono.

Tss. Nakuha pang mag-medly.

Pinakinggan ko na lang uli siya, hindi ako nagkamali dahil nagpalit siya ng kanta. Mukhang paborito niya ang Westlife dahil kanta na naman ng mga ito iyon.

This isn't goodbye, even as I watch you leave, this isn't goodbye. I swear I won't cry, even as tears fill my eyes, I swear I won't cry.

"Grabe, ang ganda ng boses!" nasa tinig ang paghanga ni Barb. Naipilig niya ang ulo bago muling itinutok ang paningin kay Lovemir.

Totoo. Tama ang kaniyang sinabi. Kakaiba ang boses ni Lovemir. Alam ko ang mga kantang iyon. May hustiya ang bersyon niya. At sinumang makinig ay hindi magsisisi at sa halip ay hahanga pa. Hindi ko alam kung paano nangyaring nagsama-sama ang lamig, laki, lalim at swabe sa boses niya lang. Magaling kumanta si Migz. Malaki rin ang boses niya, malamig

din at swabe. Pero may sariling ganda ang tinig na 'to ni Lovemir. Nagbabago pero nakikilala.

Damn...

"The only thing harder than letting go is moving on." Natinag ako nang sabihin 'yon ni Jep pero hindi na ako lumingon.

"Indeed," sang-ayon ni Barb.

Paulit-ulit niya na namang tinipa ang piano hanggang sa tuluyan niyang tapusin ang kanta. Nagulat ako nang mag-angat siya ng tingin at magtama ang paningin namin. Napalunok ako at nilabanan ang masamang titig niya habang sinisikap na manatili sa pwesto. Nahugot ko ang sariling hininga nang bawiin niya ang paningin at pulutin ang bote niyang taob na.

"I need more drinks," pasigaw niyang pakiusap.

"Ako na." Pinangunahan ko na sina Barb at Jep.

Binigyan ako nang matalas na tingin ni Beka. Saka iniabot ang hard drink na iniinom ni Lovemir.

"Bakit kasi nagpula ka? Nag-init tuloy ang toro," biro pa niya. Hindi ko na siya pinansin.

"You're drunk." Sinabi ko 'yon bago tuluyang inilapag ang bote sa mesa ni Lovemir.

"I'm aware of what I'm doing."

"And you can't control your feelings. Not anymore."

"Why do you care?"

"Because I know you." Ilang linya na lang at dudugo na ang ilong ko. Mas mahirap pang kausap ang lalaking 'to kaysa sa mga kapatid ko. **"And I know the person who owns this place."**

"Am I embarrassing you?"

"No. I'm just worried."

"I'm not trying to make any scene, Maxpein. I'm just drinking."

"I can see that. Pero doon ang inuman," tumabi ako at itinuro ang mga mesa. **"At ang kinasasadlakan mo ngayon ay pwesto kung saan nagpe-perform ang guest bands and singers namin, sir."**

"'Yong kaibigan mo ang nagsabing dito na lang ako pumuweto. You got problem with me, Maxpein?"

"No," napapahiyang sagot ko.

"Then why can't you just leave me alone? I need time for myself right now. Since you're not making any sense please just leave and don't mind me."

Tsk. **"Kung kailangan mo ng kausap...nandito lang ako. I can lend you my ears. I can stay long without saying anything, believe me."**

Tumitig siya sa 'kin. **"Tch."** Hindi ko inaasahang magiging matunog ang pagngisi niya. **"Sa tingin mo ba ay mag-iisa ako rito kung kailangan ko ng kausap? I'm not an idiot, Maxpein. I can call a friend if I need someone to talk to. No. Not you."**

"Okay." Napagod akong ipilit ang sarili.

Hindi pa siguro tama ang panahon para magsabi siya sa 'kin. Pero sana ay 'wag siya masyadong magpaimportante.

Nanghinayang ako. Gusto ko siyang makausap nang malaliman para magkaro'n nang kaunting nalalaman. Napakamakasarili no'n. Pero higit na makasarili ang mga Rewis para gawin ang mga nangyari. Kahit ano pa ang sitwasyon, mas nangingibabaw ang kagustugang malaman kung ano man ang nalalaman niya.

Hinayaan ko sa stage si Lovemir. Naupo ako sa pinakamalapit na mesang nakaharap sa kaniya. Pinanood at pinakinggan ko ang pagkanta at mga gawi niya. Halos hindi ako kumurap kaya nasaksihan ko ang bawat emosyong inilalabas niya. Nag-uumapaw na emosyong sa kaniya ko lang nakita. Ganito ako marahil dahil sa ibang paraan ko nakitang masaktan si Randall at lalo na si Sensui. Malayong-malayo sa Lovemir na pinapanood ko ngayon. Kakaiba ang istilo niya, kung istilo nga bang matatawag ito. Ang mga kilos niya ay may tatak niya, siya lang ang tanging makagagawa no'n.

Ngayon ay naiintindihan ko na kung bakit sinasabi ng mga kaibigan kong siya ang male version ko. Naiintindihan ko na ngayon. Ngayon lang.

"What are you looking at?" natinag ako nang tanungin iyon ni Lovemir sa mic. Mabuti at wala masyadong nakapansing customer. **"Music can't be seen. It should be felt."**

Tumayo ako, pinagkrus ang mga braso nang makalapit sa kaniya. **"What about dancing?"**

"I'm not dancing, not right now."

"Pero ang sinabi mo kanina ay sinakop ang kabuuan ng musika," nakangisi kong sabi.

"'Wag ka nang lumapit." Banta niya, hindi ako nagpatinag. Nakita kong muli ang pagkunot ng kaniyang noo.

Naglakad ako paikot sa likuran niya. Pinindot ko ang isang key ng piano. **"You're tired and uninspired."**

Naupo akong muli sa cajon, sa mismong tabi niya. Kinuha ang bote at nagsalin sa baso. Saka deretsong tinungga iyon.

"We all need someone to talk to. I'm offering you my ears and time. I can be that someone who listens and understands. Pangungunahan na kita, alam kong si Eerah Anitha ang dahilan nito."

Tumitig siya nang walang emosyon. Bigla ay nabura sa katauhan niya ang emosyonal na lalaking napanood ko.

"Nagulat din ako sa treatment sa 'yo ng pamilya niya. Akala ko ay kayong dalawa lang ang may problema. Mukhang mas marami pa."

Hindi pa rin siya nagsalita, nanatiling nakatingin lang sa 'kin. Tuloy ay kinabahan ako sa iniisip niya. Baka mabisto ako. Hindi lalo ako nagpahalata.

"Maaaring ito ang pinakamahirap na gawin pero kailangan mo nang kalimutan ang taong lumimot sa 'yo. 'Yong mga taong mabilis na umalis ay 'yong mga taong hindi nagbalak magtagal at magtiis."

Sinasabi ko iyon habang patuloy na nagsasalin ng alak sa baso at patuloy rin sa pag-inom. Inilagay ko ang sariling damdamin sa bawat salitang binibitiwan. Isang parte ko ang nagpapakatotoo, isang parte ko ang kinukuha ang loob niya.

"I don't understand how she woke up one morning and decided that I'm no longer important." Hindi ako nabigo nang tumugon siya. "Hindi ako nawawalan ng pag-asa kasi nangako kami sa isa't isang kami hanggang sa huli."

Siya naman ang kumuha ng bote, nagsalin saka tinungga iyon. Iisang baso ang gamit namin at mukhang ayaw ko na uling sumubok na uminom pa. Hindi magandang tingnan sa parte ko.

"But I'm slowly giving up. I am slowly giving up." Halos gumaralgal ang tinig niya, mabilis na nangilid ang mga luha. Napipigil niya ang pagpatak niyon. **"There's no turning back, no replays, no rewinds, I can't bring everything back. The only choice I have now is to move on. But why does it have to be this hard?"**

"Napakadaling maniwala sa mga salita lalo na kapag ang mga iyon ang gusto mong marinig." Hindi ko alam kung may sense ba ang sinasabi ko. **"Paano ka nakasisigurong pareho kayo ng nararamdaman no'ng panahong nangako kayo sa isa't isa?"**

Tumitig siya sa 'kin. **"At ano ang dahilan mo para isiping hindi?"**

"That's not what I meant."

"That's your point." Sumama na naman ang tingin niya. **"Don't fuck with my feelings, Maxpein. You're not helping."**

Inaasahan kong paalisin niya uli ako, maiinis na sana ako dahil sa nasabi. Nakahinga ako nang maluwang nang hindi masundan ang sinabi niya. Kung bakit naman kasi iyon ang aking naisip.

"Tch. Lalo na kapag nasasaktan ka na't lahat, paubos pa ang alak," kapagkuwa'y biro niya, kung biro nga bang matatawag 'yon.

"I'll get some more." Tumayo ako upang muli lamang matigilan, nagulat ako nang hawakan niya ako sa braso.

"You're coming back, right?"wala sa sariling tanong niya.

Natigilan ako't napatitig sa kaniya. Kakaiba ang dating ng tono niya. Para bang nagmamakaawa na. Napalunok ako 'tsaka pilit na ngumiti.

"Kukuha lang naman ako ng maiinom."

Mapait ang naging pagngiti niya. **"Yes, please. Because I need someone right now."**

Tango na lang ang naisagot ko. Gusto kong sumuntok sa ere at sumigaw ng *Yes*! Tama lang na hindi agad ako sumuko. Itinago ko ang pagngisi dahil ayaw kong masamain 'yon ng mga bakla.

Sige lang. Kaunting oras, maraming impormasyon. Puro tungkol kay Eerah ang pag-uusapan natin. Interesante sa 'yo at pabor sa 'kin.

"Wala lang 'yong *jowa* mo, nanlalaki ka na, bakla ka," bungad ni Beka.

Pinandilatan ko siya. **"Mukha ba akong binababae ng lalaki? Tss. Alis nga diyan."**

"'Oy, 'te! Sa aura mo ngayon? Sinong lalaki ang hindi maagaw ang atensyon? 'Ganda mo kaya ngayon!"

"Gano'n talaga kapag nasa dilim." Natawa kaming pareho.**"Masyado kong mahal si Sensui para tumibok pa sa ibang tao ang puso ko."**

Um-order ako ng pulutan. Bitbit ang alak at baso, nakangiti akong lumapit kay Lovemir. Hindi nakaligtas sa 'kin ang mataman niyang pagtitig. Sinikap kong bale-walain iyon.

"You look good."

Hindi ko inaasahang sasabihin niya iyon. Wala akong naisagot. Bumuntong-hininga siya at saka nagbaba ng tingin sa natitirang pulutan sa platito.

"Are you happy?"

Napatitig ako sa kaniya 'tsaka napailing. **"Right now?"**

"Yes."

Napaisip ako. *Masaya ako kahit papaano dahil alam kong may makukuha akong impormasyon sa 'yo. Pero bukod do'n ay wala akong ibang dahilan para maging masaya.*

"Well, kompara kanina na itinataboy mo 'ko," sarkastiko kong sinabi. Ngumisi siya. **"Hindi ko alam kung tama bang maging masaya ngayon."**

"I meant your relationship status. Are you happy with your boyfriend?"

Namilog ang bibig ko. *Oh.* **"Hindi ko na-gets 'yong tanong mo,"** bahagya akong natawa. **"Of course, I'm happy. Why?"**

"Bakit hindi pwedeng maging gano'n din ako?"

Hindi ko na naman inaasahan ang tanong niya. Hindi ko rin alam kung paano 'yong sasagutin. Sandali akong nag-isip, nakailang buntong-hininga bago nakasagot.

"May mga pagkakataon kasi na gano'n yata talaga?" Napailing ako, hindi alam kung tama ba ang sinabi. **"I honestly don't know how to answer that question. Wala akong ideya sa takbo ng relasyon ninyo ng asawa mo."**

Kinuha niya ang sariling baso 'tsaka nagsalin. Pinanood ko siyang laruin ang yelo sa baso habang nakatukod ang parehong siko sa mesa.

"I don't understand why she keeps on hurting me."

Napatitig ako sa kaniya. Hindi ako makapaniwalang gano'n kabilis mangilid ng kaniyang mga luha. Gusto kong mainggit dahil kahit anong tagal ay hindi 'yon tumutulo.

"Bakit hindi mo tanungin ang sarili mo kung bakit mo siya hinahayaang saktan ka na lang?"

"Maybe because everything is meant to be this way."

"If your situation as a couple cannot be changed then change your situation as a person, Lovemir. Don't suffer alone, instead, help yourself."

"I want her to see me like this. Maybe it'll change her mind. I'm willing to earn her trust and love, even her pity."

Agad niyang ininom ang alak, ibinaba ang baso 'tsaka muling nagsalin. Wala akong nagawa kundi ang panoorin na lang siya.

"And maybe one day, I hope and wish, we will be together again. That's all I want right now and I don't care what it takes. I just want us

to be together again."

"Would you mind telling me what happened?"

Tumitig siya sa 'kin. Ngumiti. 'Tsaka sunod-sunod na umiling.**"Hindi mo maiintindihan."**

"Gano'n kahirap para sa 'yong ipaintindi?"

Muli siyang tumitig sa 'kin 'tsaka natawa. Napabuntong-hininga 'tsaka muling sumimsim ng alak.

"Nagkagustuhan kami at nagpakasal sa murang edad."

Nakangiti siyang umiling-iling na para bang iyon na ang pinakamasayang alaalang meron siya.

"Para sa iba ay normal lang pero para sa 'min ay parating kakaiba. She's totally different from others. She can make me fall in love with her over and over again. Masaya kami parati hanggang sa dumating ang isang problemang parehong sumira sa 'min. Ayaw ni Chairman Rewis sa relasyon namin. Ayaw ng Chairman sa 'kin."

Inaasahan ko na iyon pero hinayaan ko lang siyang magkwento.

"Buhay ko ang pagkanta, Maxpein. Iyon lang ang paraang meron ako para maitaguyod siya. Hindi ko kayang ibigay iyong buhay na kinalakihan niya."

Pakiramdam ko ay noon ko lang natagalan ang mga titig niya. Hindi naman kasi iyon tulad dati na halos bumaon sa aking paningin.

"Umabot kami sa puntong nagkasakit siya, naospital. Hindi ko inaasahang magiging matagal ang paglalagi niya roon. Hindi kinaya ng bulsa ko kaya lalong nagalit ang Chairman. Kung ano-anong masasakit na salita ang natanggap ko. Wala akong magawa dahil wala akong maipagmalaki sa kaniya. Isa akong maliit na tao at napakalaki niya. Nagdesisyon ako, isang makasariling desisyon. Hindi ko iyon sinabi kay Eerah." Umiling siya nang umiling.

"Anong ginawa mo?" tanong ko nang hindi siya agad magsalita.

"I went abroad." Muli siyang tumingin sa 'kin, nababasa ko ang matinding panghihinayang sa mga mata niya. **"Nagtrabaho nang maigi para kumita at makaipon ng pera. Limpak-limpak na pera."**

Anong klaseng trabaho ang kikita nang limpak-limpak sa murang edad niya? Tss. **"Tapos bumalik ka dito?"**

Tumango siya. **"Para bawiin siya sa pamilya niya."**

"Ano ang nangyari?"

"Her feelings changed. Halos nagbago ang pagkatao niya."

Naging emosyonal na naman siya at hindi ako handa para ro'n. Sa t'wing mamamasa ang mga mata niya ay nababalisa ako. Awkward.

"Hindi ko maintindihan kung paano niya 'ko nagagawang bale-walain. Napakadali na lang sa kaniyang itaboy ako. Sumubok akong suyuin siya. Pero hindi pa man ako nakapagsisimula ay nagagalit na siya. Ang bilis nagbago nang matatamis niyang salita, masakit na ngayon ang mga iyon."

Ngumiti siya na para bang iyon ang pinakamahirap gawin. Nagkamali ako nang isiping sa pagkanta lang nakakahawa ang kaniyang emosyon. Maging sa pagkukwento pala.

"Parati niyang isinusumbat sa 'kin na mali ang nararamdaman ko at hindi kami pwede. Hindi ko maintindihan. May pera na ako, ano pa ba ang kulang sa 'kin?"

Tumingin siya sa 'kin. Halos matakpan nang nangingilid na luha ang mga mata niya.

Nahugot ko ang hininga, matagal bago ko nailabas iyon. **"Hindi naging madali ang pinagdaanan niya, Lovemir,"** ang una kong nasabi. **"Maniwala ka man o hindi ay may nangyari sa 'kin na may pagkakahawig sa 'yo."** Hindi namin inalis ang paningin sa isa't isa. **"Sa kaso ko ay ako ang umalis at siya 'yong may maling desisyon."**

Bahagya kong ibinahagi sa kaniya ang pagtatapos namin ni Randall. Bagaman hindi ko na binanggit si Randall. Mataman naman siyang nakinig.

"Dahil may iba na siya ay kusa na rin akong umiwas. Hindi naman ako nagsisi dahil nakatagpo ako nang bago pero mas minahal ko," nakangiti kong pagtatapos.

"Meron na rin naman siyang bago. Maski ang buong pagkatao niya nga ay nagbago."

Nagulat ako. *Bago? Sino? Nasaan?* Hindi ko magawang itanong ang naisip bilang respeto.

Sumama ang pagkakatitig niya sa alak, mahigpit ang hawak sa baso. **"Iyon ang hindi ko matanggap ngayon. She's the same girl but I can't understand why she's different now. Nasasaktan ako sa t'wing titingin ako sa mga mata niya at umiiwas siya. Pakiramdam ko ay gano'n na 'ko kasakit sa kaniyang paningin."**

Nakangiti at nangingilid ang mga luha siyang umiling, nasasaktan.

"The sad thing is she means a lot to me. But she's also the reason why I'm hurting."

Pinilit niyang ngumiti kahit pa nakasiwang na ang mga luha. Hindi ko naman malaman kung nasaan na ang mga plano ko. Natutok na sa kwento nilang mag-asawa ang atensyon ko. Kailangang may makalap din ako tungkol sa pamilya ni Eerah.

"But damn it, Maxpein, I can't make this feelings go away. My heart's still waiting even without a hint if she's coming back."

"Ang sabi mo ay may iba na siya, bakit naghihintay ka pa?" pandederetso ko. Natigilan siya. **"Nasasaktan ka pala, bakit nagtitiis ka? There's a lot of ways, Lovemir. Hindi madali pero at least meron at pwede mo iyong subukan."**

"But I can't. I don't need those ways and I don't want to try. I can always love someone else if that's what my heart wants, Maxpein. But I can't. It does not allow me."

"Pain is a warning sign that something is wrong so don't ignore that feeling." Sumeryoso ako. **"'Wag mo hayaang dumating 'yong araw na sanay ka nang nasasaktan."**

Sandaling katahimikan. "Kung papipiliin ka sa naging sitwasyon, gugustuhin mo bang umalis o ang maiwan?" seryoso niyang tanong.

Hindi ko malaman kung bakit nalungkot ako. "Mas gugustuhin ko pa ring umalis kaysa maiwan." Bumuntong-hininga ako. "I know it's selfish. Pero kapag ikaw kasi ang umalis, alam mo kung saan at paanong babalik. Kapag ikaw ang naiwan, hindi mo alam kung saan maghahanap."

Tumango siya. "I like your answer." Ngumiti siya saka nagbaba ng tingin sa mga kamay. "Kung ikaw ang nasa sitwasyon nila, gugustuhin mo ba ang maghabol o ang habulin?" walang kasinlungkot ang mga mata niya.

Alam kong nagtatanong siya dahil hindi siya makapagdesisyon sa sariling sagot. Namamangka siya sa dalawang pagpipilian dahil hindi niya matukoy ang sariling nararamdaman.

"Ayokong magpahabol dahil mahirap umiwas. Mahirap manakit nang sadya para lang mapatigil siya sa ginagawa. Hindi dahil ayoko na, mawawala na ang nararamdaman niya." Mapait ang ngiti ko. "Mas gugustuhin kong maghabol."

"Bakit?" puno siya ng interes.

"Para pwedeng mapagod, pwedeng sumuko, pwedeng huminto."

Hindi niya ako sinagot, hindi na rin siya muling kumibo. Nagpatuloy siya sa pag-inom. Umiinom din naman ako pero hindi ko siya magawang sabayan.

Dumating ang customers. Wala kaming nagawa kundi bumaba sa stage at lumipat sa mesa. Halos wala akong ginawa kundi ang panoorin siya. Parang walang nagbabago sa kaniya. Hindi man lang makikita ritong lasing o may tama na. Natural at normal pa rin ang Lovemir na nasa harap ko.

"Why are you doing this?"

"Huh?" Hindi ko inaasahan ang tanong niya, totoong nagulat ako. **"Alin?"**

"This." Itinuro niya ang kabuuan ng mesa. **"I didn't ask you to come here. I even asked you to leave. Why?"**

Hindi ko alam ang isasagot. Kulang nga naman ang dahilan para gawin ang lahat nang 'to kundi dahil sa totoong rason ko.

"Bakit, hindi ko ba pwedeng gawin 'to?"

"You're not my friend, Maxpein."

"But I can be a friend." Hindi ko inaasahang iyon ang lalabas sa bibig ko.

"Friends," pabuntong-hininga niyang sinabi. **"Friends can help each other, right?"** Tango lang ang isinagot ko. **"Will you help me?"**

Sinikap kong itago ang gulat. **"'Wag mo sabihing pagseselosin natin si Eerah?"** sinikap kong 'wag mautal. Hindi siya sumagot, wala ring nagbago sa hitsura at reaksyon niya. Napalunok ako. **"Gagawin natin 'yon?"**

Sandali siyang tumitig sa 'kin bago tumawa. Biglang bumilis ang tibok ng puso ko sa sobrang pagkapahiya. Nag-iwas ako ng tingin at inis na itinuon 'yon sa iba. Hindi ko inaasahang pagtatawanan niya ako. At lalong hindi ko maintindihan ang sarili kung bakit naitanong ko iyon.

Stupid.

"Bakit mo naisip 'yan?" tanong niya na parang gusto pang tumawa. Hindi ko naiwasang samaan siya ng tingin. **"Hindi iyan pumasok man lang sa isip ko, Maxpein."**

"Sorry, 'yon agad ang naisip ko."

Lalo siyang natawa 'tsaka tumayo. Mas nagtaka ako nang ilahad niya ang kamay sa 'kin. Napatitig ako at saka nag-angat ng tingin.

"I need to find myself and I think you can help me. Be my soul tonight, dance with me."

Tinanggap ko ang kamay niya. Magkahawak-kamay kaming nagtungo sa dance floor. May isang dipa ang layo sa isa't isa.

"Dance like no one is watching," pabulong niyang sinabi.

Sa hindi inaasahan ay bigla niyang hinigit ang kamay ko. Huli na ang lahat at wala akong nagawa kundi ang mapaikot hanggang sa makulong sa kaniyang mga bisig.

"This is cheaper than therapy," natatawa niyang bulong habang nakayakap sa 'kin.

OceanofPDF.com

CHAPTER 195

DEIB'S POV

HINDI KO naiwasang manibago nang muling magpasukan. Parang kasisimula lang ng taon kahit hindi naman. Tahimik ang BIS. Madalang ang estudyante sa labas. Maaga pa lang ay nasa loob na sila ng klase.

Nakakaparaning dahil pakiramdam ko ang lahat ng mata ay nasa akin. Ang dating tumitangala nang may paghanga sa 'kin ay masasama na kung tumingin. Hindi ko sila masisisi. Mukhang sarado ang mga utak nila. Para bang ako ang nasa likod ng lahat nang iyon.

Nagpatuloy ang klase na para bang walang nangyari. Umaga pa lang ay abala na ako. Sunod-sunod ang recitation, quiz at seat works. Hindi ako magkandaugaga sa dami ng plates.

Gabi na nang makatanggap ako ng tawag mula kay Taguro, kauuwi ko lang. **"How's my baby babe?"** malambing kong tanong.

"Pagod. Kumusta?"

"Ayos naman, pagod din."

"Marami kayong ginawa?"

"Mm, bumabawi. Halos lahat ng subjects ay may quiz at recitation. Pero maganda naman ang resulta, pasado ako sa lahat."

"Nice to hear that. Nakakapanibagong pumasok, 'no?"

"'Yan din ang naramdaman ko kanina," mapait kong sinabi. **"Tch. Kakaiba ang tingin sa 'kin ng mga babaeng dati-rati ay may pagnanasa kung tumitig sa 'kin."**

"Tss."

"Seryoso. Tch. Ngayon ay parang gusto nila akong sapakin."

"Madalas din mabanggit sa campus namin ang pangalan mo."

"Parang hindi naman na bago sa 'kin ang balitang 'yan, Taguro," mayabang kong sabi.

"Ang sabi nila ay myembro ka raw ng sindikato."

Nanlaki ang mga mata ko. **"Tch! Baka ikaw,"** singhal ko.

Natawa siya. **"Mukha ba akong gano'n, Sensui?"**

"Oo, Taguro."

"Talaga, mukha akong sindikato?"

"Tch. Bakit parang natatawa ka pa? Gustong-gusto mong nagmumukha kang cool, eh, 'no?"

"Kailan pa naging cool ang pagiging masamang tao?"

"Tch."

"So, mukha nga akong sindikato?"

"Oo nga. Mukha kang sindikato na pinatino nang gwapong tulad ko."

"Wow."

"Amazing, right?"

"Oh, sige na, magpahinga ka na. Tumawag lang talaga ako para kumustahin ka."

Napangiti ako. **"Ang sabihin mo ay na-miss mo 'ko."**

"Parang gano'n na nga."

"Hindi ka na sanay nang wala ako sa paningin mo?"

"Nabitin lang ako sa oras mo kagabi," sinabi niya iyon na para bang ngiting-ngiti sa kabilang linya.

"Pareho tayo ng naramdaman, baby babe. And I won't mind meeting you tonight."

"I can't, marami akong kailangang gawin."

Napabuntong-hininga ako, nanlumo. **"When will I see you again?"**

"You can always look up at the sky whenever you miss me, we share the same stars every night."

Napanganga ako, nakangiting tumango. Marahang naglakad papalabas ng veranda 'tsaka tiningala ang mapayapang kalangitan.

"Mukhang kahihiligan ko na ang panonood ng stars gabi-gabi. Para silang mga nakangiti sa 'kin. Isang kinang, isang ngiti. Isang ngiti, isang puso."

"Tss. Linya ko 'yan," mayabang niyang sabi, natawa na lang ako. **"Para kang star, Sensui."**

Natigilan ako ngunit agad ding napangiti dahil sa kaunting kiliti na naro'n sa dibdib ko, kabadingan. **"And I'm the brightest?"** biro ko.

"Nope." Natatawa niyang sagot. **"Isa kang shooting star."** Lalo akong nangiti. **"Napapahiling ang bawat makakita."**

"Tch," natatawa kong singhal.

"Hindi mo na naman na-gets?"

Nanlaki ang mga mata ko kasabay nang pagnguso. **"Na-gets ko!"**

"Tss. Imposible 'yon, slow ka, eh."

"Ang yabang mo, Taguro!"

"Ikaw ba naman magkaro'n nang sariling shooting star, hindi ka magyayabang?"

"Para ka ring star, babe."

"Talaga, bakit?"

"*Twinkle, twinkle little star.*"Kumanta ako, nagpigil ng tawa. **"*Do you know how loved you are?"***

"Tss. Okay, goodnight."

"Babe naman?"

"Ang korni mo, eh. Goodnight, babe. I love you."

"I love you, too. Miss na agad kita, Taguro."

"See you soon, then." Ibinaba niya ang linya matapos sabihin 'yon. Kadalasan ay naiinis ako sa t'wing gagawin niya 'yon pero napangiti ako ngayon.

I miss you because I love you, hehehe. Twinkle, twinkle little star...hehe!

Ngunit lumipas ang buong linggong iyon na tutok ako sa pag-aaral. Pwede kong sabihin na hindi lang ako kundi ang buong BIS. Ang lahat ay bumabawi sa mga araw na walang klase.

Hindi ko halos naramdaman ang presensya ni Taguro. Naging madalang ang pag-uusap namin maging sa text. Nabanggit niya sa 'king bukod sa pag-aaral ay busy na uli siya sa pagpa-practice. Malapit na naman ang sports fest. Ang mahalaga ay alam naming pareho ang ginagawa ng isa't isa. Nakakatuwang tingnan na parehong bagay ang pinagkakaabalahan namin, pag-aaral. At napapangiti ako sa t'wing maiisip kong para 'yon sa kinabukasan naming pareho.

"Hey, Lohr." Natinag ako sa pagbati ni Eerah Anitha. Kasalukuyan akong kumukuha ng gamit sa locker para iuwi.

"Hey," tugon ko 'tsaka muling itinutok ang paningin sa ginagawa.

"Congrats, ang galing mo kanina sa recitation."

"Thanks," sinsero ang ngiting ibinigay ko.

"Ready ka na sa presentation?"

Nilingon ko siya 'tsaka ako ngumiwi. **"Hindi ko masabing ready na ako pero hindi naman ako natatakot tungkol do'n. Bakit mo naitanong?"**

"Wala naman, ako kasi ay kinakabahan," natawa siya. **"Hindi ko alam kung bakit. Hindi ko naman first time."** Nagkibit-balikat siya.

"Maybe because I was not focused recently. I mean, occupied kasi masyado ang utak ko." Nagkibit-balikat uli siya.

Tumango-tango ako. **"Ang dami rin kasi nating ginawa."**

"Uuwi ka na?" tanong niya. Tumango ako. **"Pwede ba tayong mag-coffee sandali?"**

"Hindi kasi maganda ang pakiramdam ko, next time na lang."

"Hindi naman tumatagal ng isang oras ang pagko-coffee," nakangiwi bagaman nakangiti niyang sabi.

Napabuntong-hininga ako. Matagal na rin mula no'ng huli niya akong kinulit. Malaki na ang ipinagbago ng ugali ni Eerah Anitha. Masasabi kong hindi na siya nangungulit o naglalandi gaya ng dati. Pero hindi pa rin ako kampanteng kasama siya. Lalo na kapag naisip ko iyong huli naming napag-usapan. Hindi na uli naungkat ang tungkol do'n. Wala na akong balak. Pero ginugulo pa rin no'n ang sistema ko. Napakahirap isipin na ang taong kasama at nakakausap ko ay may delikadong pamilya.

"Sige, pero sandali lang tayo, ah?" paniniguro ko. Natawa siya. **"Hindi kasi talaga maganda ang pakiramdam ko."**

Ang totoo ay inaasahan ko nang magtatagal ang pagkakape na 'yon pero mukhang nagkamali ako. Mas mabilis pa kung humigop si Eerah Anitha ng kape kaysa sa 'kin. Nakangiti lang siya habang pinapanood ang mga sasakyang dumaraan sa harap ng coffee shop tapos titingin sa 'kin at mas ngingiti.

"Nagpakape ka ba para ngumiti nang ngumiti?" natatawa kong tanong. **"Tungkol na naman ba 'to ro'n sa pinag-usapan natin no'ng nakaraan?"**

"No," umiling agad siya. **"Hindi iyon."** Tumikhim siya 'tsaka nakangiting tumingin sa 'kin. **"Birthday ko next week,"** tumango-tango siya. **"You're invited."**

Sandali akong natigilan. **"I see. Magkalapit lang pala ang birthday natin."**

"Pupunta ka?"

"Sure. Isasama ko ang girlfriend ko."

"Sure. Iisa lang kayo ng invitation."

"Ilang taon ka na no'n?"

"Why?" natatawa niyang tugon.

"Hindi mo ba pwedeng sabihin ang age mo?" biro ko.

"Hindi naman. Feeling ko lang ay interesado ka kaya mo itinatanong."

Ngumiwi ako. **"Nagkakamali ka kung gano'n,"** biro ko. **"'Yon lang talaga ang kadalasang tanong kapag birthday ng isang tao. Susunod palang 'yong tungkol sa regalo."** Natawa kaming pareho.

"I'm old."

"How old?"

"Older than you."

Alam ko. Pinilit kong mamangha. **"Talaga? Hindi halata,"** nakangiwi kong sabi. **"'Sabagay, may asawa ka na nga, eh."** Mapait siyang ngumiti. **"Sorry. Wala akong ibang ibig sabihin."**

"No, it's okay," pilit pa rin ang ngiti niya, nagpatuloy sa pagkakape.

Sandaling katahimikan ang nangibabaw bago ako nagsalita, na agad ko ring pinagsisihan. **"Halatang hindi maganda ang naging relasyon ninyo ng ex-husband mo."**

Lalong pumait ang ngiti niya. **"No need to answer that, if you're asking. Obviously, hindi talaga."**

Ngumiwi ako. **"Pero pwede mo naman siguro siyang tratuhin nang ayos—"** Natigilan ako at napaisip kung akma ba ang sinabi ko. **"Ibig kong sabihin, pwede kayong maging magkaibigan,"** tumango-tango pa ko.

"Mangyayari ang sinasabi mo kung pwede," mariin niyang sinabi ang huli. **"May mga bagay na hindi nangyayari kasi hindi pwede, Lohr."**

Natigilan ako at saka napangiti. *Kay Taguro kasi ay nangyayari kahit hindi pwede. Basta iyon ang gusto niya, basta iyon ang kailangan. Walang imposible sa mayabang na babae. Tsk tsk tsk. Taguro...Taguro...Taguro...* **"Sana ay maging ayos ang lahat sa inyo,"** pagtatapos ko sa usaping iyon.

Gusto kong sabihin sa kanya na naaawa ako kay Lovemir. Pero ayaw ko nang humaba pa ang usapan. Nang sabihin niyang iyon lang ang pakay sa pakikipag-coffee, nagyaya na akong umuwi.

Lalo yatang sumama ang pakiramdam ko nang makarating sa bahay. Para akong lalagnatin.

"Matutulog na po muna ako, mommy." Wala pa mang sinasabi si mommy ay nagpaalam na ako.

"You look pale, are you okay, baby?"

"Yes, mom, pagod lang." Sinikap kong mameke ng ngiti.

"Are you sure you're okay?" Bahagya siyang lumapit upang kapain ako pero umiwas ako.

"I'm okay, mom." Tipid na ngiti ang iniwan ko bago ako tuluyang pumanhik sa itaas at dumeretso sa kwarto.

Hindi ko na nagawang maghubad ng uniform. Pagbagsak ko nang inihiga ang katawan sa kama.

Nakakapagod!

Kinuha ko ang cellphone, pipikit-pikit ang isang mata habang tinatawagan si Taguro.

"Babe..."

"Oh?"

"May sakit ako," nakanguso kong sabi.

"Anong sakit?"

"Lagnat, babe."

"Tss. Sakit ba 'yan?"

"Masama kang babae," mabagal kong sinabi 'yon, maging ang pagnguso ko ay masyadong mabagal. Pinababagal nang masamang pakiramdam ang lahat sa 'kin.

"Oh, eh, bakit ka tumawag? Nasa akin ba ang gamot mo?"

"Tch. Wala kang puso."

"Kinuha mo, eh."

"Tch."

"Uminom ka ng gamot, Sensui. Hindi ka gagaling sa patawag-tawag sa 'kin."

"Inaasahan ko ay lalambingin mo 'ko."

"Hindi ka rin naman gagaling no'n."

"Pero pagagaanin no'n ang pakiramdam ko, Taguro. Gano'n 'yon. Wala kang puso. Manhid ka. Mataba at walang sweetness."

"Tss. Sige na, babe, may practice pa 'ko, eh. Tatawagan kita mamaya. Uminom ka na ng gamot, ah?"

"Magkamali ka sana."

"Saan?"

"Sa sayaw."

"Tss. Asa. Bye."

Binabaan niya na naman ako. Tch.

Nakanguso kong inilapag ang cellphone. At ang sumunod na nangyari ay hindi ko na namalayan, nakatulugan ko na ang pag-iisip. Gano'n ako kapagod.

Hindi ko alam kung gaano katagal akong natulog. Pero nagising ako sa haplos sa aking pisngi. Marahan akong nagmulat at nagtama ang paningin namin ni Taguro. Hindi ko napigilan ang sarili kong mapangiti.

"Hi, babe," hindi ko naitago ang matamis na ngiti.

Wala siyang emosyon. Deretso lang siyang nakatingin sa 'kin. Kumunot ang noo ko 'tsaka ako marahang bumangon para maupo sa harap niya. Pasimple ko pang kinamot ang batok ko para maramdaman ang sariling init. Hindi ko na pala kailangang gawin 'yon dahil kusang umalingasaw ang init sa katawan ko.

"Hindi ka nagsabing pupunta ka dito, babe?" muling sabi ko nang hindi siya magsalita.

Sandali pa muna siyang tumingin sa 'kin 'tsaka bumuntong-hininga. **"Uminom ka na ba ng gamot?"**

"Hindi pa."

"Alam mo bang gano'n ang ginagawa kapag may saket?"

"Tch. Oo naman, babe. Nakatulog ako, eh."

"Bumangon ka dyan, iinom ka ng gamot."

"Hindi pa 'ko kumakain, babe."

"Dinalhan kita ng pagkain. Nabanggit sa 'kin ng mommy mo na hindi ka nag-dinner."

"Tinawagan mo siya?" nagtataka kong tanong. Tumango lang siya at tumayo. **"Nag-aalala ka sa 'kin, 'no?"** mapang-asar kong tanong.

"Bumangon ka na diyan."

"Nag-aalala ka sa 'kin, babe?" tanong ko sa nanunuksong tono. **"Nag-alala ka sa 'kin—"**

"Remember that you're important to me, Sensui, take care of yourself always." Seryoso siya.

Ngumuso ako. **"Madalang naman akong magkasakit, ikaw 'tong sakitin."**

"Makinig ka na lang."

"Take care of me, baby babe. That's the right thing to do," biro ko. Pero masyado siyang seryoso kaya napanguso ako. **"Magpapagaling naman ako."** Umiling-iling siya 'tsaka tuluyang inilatag sa mesa ang bitbit. **"Ano 'yan?"**

"Bistek, ipinaluto ko kay Naih."

Namangha ako. **"Wow. Paborito ko 'yan, babe!"**

"Alam ko."

"Susubuan mo 'ko?"

"Gano'n ba katindi ang sakit mo at maski pagsubo ay hindi mo magawa?"

"Napakaseryoso mo," nakanguso kong sabi.

"Dahil ayaw kong nagkakasakit ka, alam mo 'yon."

"Hindi ko naman kasalanang magkasakit."

"Pero kasalanan mo kaya nagtagal. Pwede kang uminom agad ng gamot kanina pero hindi mo pa ginawa. Pinababayaan mo ang sarili mo." Seryoso talaga siya.

Mukhang wala sa mood ang hambog. Tch. **"Kakain ako at iinom ng gamot, babe, 'wag ka nang magalit."**

"Hindi ako galit."

"'Wag ka nang masungit."

"Hindi ako nagsusungit. Kumilos ka na at kumain, dalian mo."

Hindi na ako nagsalita at sumunod na lang. Kahit mabagal ang kilos ko ay mataman niya akong pinanood. Panay ang ngiti at pagpapa-cute ko pero hindi no'n mabago ang pagiging seryoso niya. Gaya no'ng una na parang nakatingin lang siya sa walang kwentang bagay. Parang napakalalim na naman ng iniisip.

"Babe, Eerah Anitha's inviting us to her birthday party," mayamaya'y sabi ko. Doon napukaw ang interes niya at umayos ang pagkakatitig sa 'kin. **"Ayos lang ba sa 'yong pumunta? Ayos lang sa 'kin kung hindi."**

"Sige," tumango pa siya.

"Anong sige?"

"Pupunta tayo. Kailan ba?"

Nagkibit-balikat ako. **"Next week."**

"Kumusta nga pala siya?"

Nag-angat ako ng tingin sa kaniya. **"Si Eerah Anitha?"** Nagkibit-balikat ako. **"Ayos naman siguro, bakit sa 'kin mo itinatanong 'yan?"**

"Hindi siya nagkukwento sa 'yo?"

Natigilan ako. **"Tungkol saan?"** sinikap kong 'wag mautal.

May hinuhuli ba siya sa 'kin? Tsk. Delikado 'to, hindi ako handa.

Muling pumasok sa isip ko ang mga napag-usapan namin ni Eerah Anitha.

Hindi ko pa 'yon nababanggit sa kaniya at hindi ako handang sabihin ang lahat nang 'yon ngayon. Tsk.

Nawalan ako ng ganang kumain, parang nawala bigla ang panlasa ko.

"Tungkol sa kaniya o kahit sa ex-husband niya. O kahit na anong may kinalaman sa kaniya."

Kumuha siya nang sariling pagkain. Tuloy ay hindi niya nakita nang balutin ng kaba ang aking hitsura.

"Wala ba kayong napagkukwentuhan?"

Malakas ang pakiramdam niya, Deib Lohr, mag-ingat ka. Ngumiwi ako. **"Masyado kaming naging busy nitong mga nakaraan. Wala akong oras para makipagkwentuhan sa kaniya."**

Tumango siya. **"I see."**

"Biglaan naman yata ang pagtatanong mo nang ganiyan, babe? Kailan ka pa nagkaro'n ng interes kay Eerah Anitha?"

"Simula no'ng makita ko siya."

Natigilan ako, nangapa ng isasagot. **"Paanong interes, babe?"**

"Wala naman," nameke siya ng ngiti. **"Nakapagtataka lang kasi na nagawang ayusin ng pamilya nila ang lahat ng gusot."** Malawak siyang ngumiti. **"Forget it, finish your food and drink your medicine."**

Ang inaasahan ko ay magbubukas siya ng panibagong topic pero hindi na 'yon nangyari. Hinintay niya akong matapos sa pagkain, nauna niyang ubusin ang sa kaniya. Siniguro niyang maayos ang lagay ko bago nagpaalam. Hindi niya na ako hinayaang bumangon para ihatid siya. Hindi rin matagal ang halik na iniwan niya. Sapat lang para maghinagpis ang dibdib ko sa sobrang pagkabitin. Sinabi niyang magkita na lang kami sa school at magtawagan kapag may libreng oras.

Muling dumaan ang mga araw. Naging abala lalo ako sa school pero mas madalas nang pumasok sa isip ko si Taguro. Lalo na sa t'wing makikita ko si Eerah Anitha. Naalala ko iyong paraan nang pagtatanong ni Taguro na para bang may pinipigang malaman sa 'kin. Nagugulo masyado ang isip ko, naiipit sa paglilihim at pagsasabi nang totoo. Noon ko lang napagtanto kung gaano ako kahina sa paggawa ng desisyon. Natatakot akong magkamali. Iniisip ko kung ano ang mangyayari kapag nalaman niya ang mga sinabi ni Eerah Anitha. Ano ang mga hakbang na gagawin niya kapag nalaman niya ang lahat? Sasabihin niya ba 'yon sa pamilya niya? Kani-kanino makararating ang mga impormasyong ibibigay ko kapag nagkataon? At paano kung sinadya lang ni Eerah Anitha na sabihin 'yon bilang patibong? At may nakalaan na siyang plano kapag gano'n ang ginawa ko? Ano ang magiging epekto no'n sa lahat kapag nagsalita ako?

Napakahirap. Sa t'wing maiisip ko ang mga tanong ay naaapektuhan anumang ginagawa ko. Kaya napagdesisyunan kong 'wag na lang munang isipin. At hintayin na lang ang tamang pagkakataon para ro'n.

Ginawa kong abala lalo ang aking sarili. Lalo na nang dumating ang araw ng presentation na ilang gabi kong pinagpuyatan. Mahirap dahil apat na araw lang ang preparasyon ko.

Bago magsimula ang presentation ay hindi na ako mapakali. Panay ang ikot ko sa labas ng room kung saan iyon gaganapin. Doble ang kaba ko kompara sa ibang naroon.

Balisa kong tinawagan si Taguro. **"Answer the phone, babe."**

"Oh?" muntik nang matapos ang tawag nang sagutin niya.

Nabuhay agad ang dugo ko. **"Babe! Babe! Hehe."**

"Oh?"

Tch! **"Ah, may presentation ako ngayon, babe. Busy ka ba? Baka gusto mong manood?"**

"Oo, may quiz din kami."

"Tsk, sayang."

"Kinakabahan ka?"

"Medyo," nakanguso kong sabi.

"Medyo matindi?"

Natawa ako. **"Gano'n na nga."**

"Tss. Kaya mo 'yan, alam ko."

"Kailangan kong kayanin kasi nando'n si Chairman at si lolo. Kasama sila sa panel."

"Eh, di astig, may backer ka."

"Tch."

"Nagawa mo naman na 'yan noon, 'di ba? Gano'n na lang uli ang gawin mo. Tanda mo pa naman 'yong mga sinabi ko sa 'yo noon panigurado?"

"Tanda ko pa naman karamihan."

"Tss. Ganiyan talaga kapag crush mo, lahat nang sinasabi, nakararating sa puso."

"Asa."

"Just kidding. Gano'n na lang ang gawin mo. Sa ngayon ay kailangan ko nang ibaba 'tong tawag mo dahil nandito na ang lec. Goodluck, babe, I love you. Bye," dere-deretso niyang sabi 'tsaka pinutol ang linya.

Bumagsak ang mga balikat ko sa panlulumo.

Kung darating siya ay magbabago ang mood ko kahit papaano.

Handa na ang lahat nang lingunin ko ang room. Humugot ako ng malalim na hininga 'tsaka pumasok.

Tuluyan akong nilamon ng kaba nang sumalang. Pero unti-unti iyong nababawasan sa t'wing may masasagot akong tanong. Tumaas ang kompyansa ko nang mabasa ang paghanga sa mga mata at ngiti nina Chairman at lolo. Tuloy ay taas-noo akong lumabas ng classroom.

"Congrats na naman!" bati ni Eerah Anitha. **"Hi."**

"Hey, thanks," nakangiti kong tugon.

"Ang galing," pumapalakpak niyang sabi. **"Sa grupo ninyo ay ikaw lang ang walang tanong na hindi nasagot."**

"Yeah, that was unexpected."

"Proud na proud sa 'yo ang mga lolo mo."

"Thanks."

"So are you coming tonight?" tanong niya. **"It's my birthday, may I remind you?"** natatawang dagdag niya.

"Ah," napamaang ako. **"Oo, nasabi ko na kay Taguro na pupunta kami. Mamaya na pala 'yon? Hindi mo kasi nabanggit kung kailan at kung saan."**

"Sorry," natawa siya uli. Inabutan niya ako ng calling card. **"Diyan gaganapin ang party ko. So, we'll see each other again later? Around 8:00 PM."**

"Okay." Tiningnan ko ang card. *Francisville? Dito siya nakatira?* Doon iyon sa subdivision kung saan nakatira sina Lee at Kim.

Tinapik niya ang balikat ko 'tsaka naunang umalis. Sinundan ko naman siya ng tingin. Doon ko lang napansin kung gaano kadisenteng tingnan si Eerah Anitha sa suot na uniporme. Nasanay kasi akong nakikita siyang animong model na parating rarampa sa sobrang porma.

Matapos kong kunin ang lahat ng gamit ko ay tinawagan ko si Taguro. Hindi siya sumagot. Excited akong nagtext, sinabi ko ang resulta at ang tungkol sa birthday ni Eerah Anitha.

Dumaan ako sa saglit sa mall para bumili ng regalo. Nang makauwi ay nagpaalam ako kay mommy tungkol sa party. Matapos kumain ay naghanda ako nang isusuot.

Alas siete na nang tawagan kong muli si Taguro. Matagal bago siya sumagot.

"Busy ka pa rin ba?" nakanguso kong bungad. **"Kanina pa ako tumatawag, hindi mo sinasagot, babe."**

"Sorry, busy lang."

Napabuntong-hininga ako. **"Natanggap mo ba 'yong text ko?"**

"Ngayon ko palang titingnan. Galing kami sa practice, pasensya na. Galit ka ba?"

"Hindi."

"Ngayon na 'yong party? Sana ay sinabi mo sa 'kin kahapon."

"Ngayon ko lang din nalaman. Bakit?"

"Kailangan kong umuwi nang maaga. May pag-uusapan kami ni Heurt."

"Are you saying that you can't come with me?"

Napabuntong-hininga siya. **"Ayos lang ba kung sumunod na lang ako?"**

Nanlumo ako, nawalan ng gana. **"No, I'll wait for you. I-text mo ako, susunduin kita."**

"No, I'm okay, susunod na lang ako, babe."

"Wala rin naman akong gagawin do'n kung ako lang mag-isa. Hihintayin na lang kita."

"Nakakahiya naman sa classmate mo. Sige na, babe." Hindi iyon himig nang namimilit pero 'yon ang pakiramdam ko. **"Sandali lang naman ako."**

"'Yon naman pala, eh, di hihintayin na lang kita?"

Sinikap kong 'wag mainis pero hindi ko napigilan 'yon nang bumuntong-hininga siya. Na para bang hirap na hirap na siyang kumbinsihin ako.

"Alright, then," nakasimagot kong sabi. **"I'll see you later."** Ako ang unang nagbaba ng tawag. *Nakakabugnot! Tsk!*

Salubong ang mga kilay ko mula nang pumasok sa banyo hanggang sa makapagbihis. Ang inaasahan ko ay susunduin ko si Taguro at sabay kaming pupunta sa party pero nagkamali ako.

Alam ba niya kung gaano ako kasabik na makita siya? Tch! Tapos... tsk!

Nagmamaktol akong kumilos, hindi ko naitago 'yon hanggang sa pagpapaalam paalis. Nakasimangot akong nakarating sa bahay ni Eerah Anitha.

Malayo ang bahay niya sa magpinsan. Magkasalungat ang daan. Tiningnan ko ang kabuuan ng bahay. Maganda ang pagkakagawa. Masasabi ko nang perpekto, pampamilya. Hindi gaya ng ibang bahay na

napakaraming kanto. Maliit kompara sa bahay ng mga Moon pero matatawag na ring mansyon.

Dumeretso ako sa gate at pinindot ang buzzer. Nakapamulsa kong tiningnan ang mga sasakyan sa likuran. Karamihan sa mga iyon ay itim. Ang tanging naiiba ay iyong puting van na halos matakpan ng ibang nakaparada. Napalingon muli ako sa gate nang magbukas iyon at bumungad sa 'kin si Eerah Anitha.

"Happy birthday," tipid ang ngiti kong bati. Akma siyang yayakap at hahalik nang iabot ko ang regalo.

"Thank you, Lohr. Hindi ko inaasahang magreregalo ka pa, joke."

"Tch."

"Come in," sinabayan ko siya papasok. **"Where's your girlfriend?"**

"You can call her Maxpein," sarkastiko kong tugon. **"Susunod na lang daw siya."**

"Oh, I see," tumango-tango siya 'tsaka iminuwestra ang daan. Pero nasa entrada pa lang kami nang senyasan niya akong aalis sandali.

Nasapo ko ang noo sa inis. Lalo na nang makitang nasa akin ang paningin ng ilang nakakita sa 'min. Ang ilan ay nagbulungan pa. Pero nang mapagtanto kung gaano katatalim ang mga tingin nila ay tinubuan ako ng kaba. Agad kong pinagsisihan ang pagpayag na dumalo.

Sana pala ay hinintay ko na lang talaga si Taguro kahit pa ayaw niya. Pakiramdam ko ay ipinain ko ang sarili ko. Tsk!

Tuluyan akong pumasok para hindi na lalong makaagaw ng atensyon.

Magarbo ang service area ni Eerah Anitha. Mamahalin ang mga gamit. Kahanga-hangang napaghalo niya ang makaluma at modernong disenyo nang hindi masakit sa mata. Inilibot ko ang paningin. Magmula nang maging kolehiyo ay nahilig akong tumingin sa kung ano-anong istraktura at konstruksyon.

Nasisiguro kong tinutukan ng engineer, architect at interior designer ang bahay na ito. Tama ang sukat at pagkakasalansan ng mga gamit. Maging ang grand piano na pagkalaki-laki ay hindi nagmumukhang sagabal sa pwesto nito. Nakakaagaw ng pansin pero hindi masagwang tingnan sa sentro ng service area. Hindi gaya sa ibang bahay na nasa gilid o kung saang sulok lang iyon.

"Mayamaya pa darating ang ibang bisita," nagulat ako nang magsalita si Eerah, hindi ko naramdaman ang paglapit niya.

"I was about to ask that," napilitan akong ngumiti. **"Napaaga yata ako."**

"No, you're just in time," nakangiting sabi niya. **"Lohr, say hello to my family."**

Bago pa makasagot ay namutla na ako nang makaharap sina Cargosin, Christian at Chairman Rewis. Hindi ko matantya ang ngiti sa kanilang mga labi. Kung dahil ba iyon sa tuwa na makita ako, o sa tagumpay na nahulog ako sa kanilang plano. Napapraning ako.

"Good evening," wala sa sariling bati ko na tumango pa.

Sabay-sabay kaming dumulog sa mesa. Hindi ko naiwasang mabalisa at wala sa sariling mapatitig sa senyor.

Nasisiguro kong hindi sila nagkakalayo ng edad ni daddy, mas matanda lang siguro ito. Pero sa t'wing magsasalita ito ay para bang kaedad niya sina lolo. Masyadong malaki ang boses na para bang hinuhugot pa sa lupa.

Lalo akong kibahan dahil nasa akin ang paningin nilang lahat, pinanood ang mga kilos ko.

"Mukhang mag-isa ka?" patanong na ani Cargosin. Tumango ako. "**Bakit hindi mo inimbita ang pamilya niya, Eerah?"**

"Nakakahiya naman, hindi naman *en grande* ang birthday party ko, Sin."

Nagkibit-balikat lang ang lalaki. **"Simple dinner will do. Ganito kami mag-celebrate ng birthday sa pamilya namin, Deib Lohr. Please feel at home."**

"Thank you."

Agad akong dinulugan ng mga katuwang nila sa bahay. Inihain sa 'kin ang masasarap na putahe. Nahihiya man ay nagsimula akong kumain. Naging maingat ako sa pagkilos. Pakiramdam ko kasi ay nakatuon sa 'kin ang paningin nilang lahat. At ang mahirap pa ro'n ay hindi ko magawang labanan ang mga tingin nila. Nagpatuloy lang ako. Bago makalahati ang laman ng plato ay tumunog ang cellphone ko.

Sana ay si Taguro na 'to. Hindi ako nagkamali. **"Excuse me."** Tumayo ako at bahagyang lumayo upang sagutin iyon. **"Babe?"**

"Paparating na ako."

Pakiramdam ko ay nabunutan ako ng tinik. Awtomatikkong nawala ang kaba sa dibdib ko. **"Sige. Mag-ingat ka."** Ibinaba ko ang linya 'tsaka muling bumalik sa mesa. **"Excuse me, Eerah."** Nilingon niya ako. **"Paparating na raw si Maxpein."**

Kumunot ang noo niya at saka nilingon ang mga kasama. Nagtaka ako. At nagulay nang bigla ay kumilos sina Cargosin at Christian. At kahit pa pilit nilang itago ay napansin ko ang maingat na pagmamadali nila.

Bakit?

Lalo akong nagtaka at hindi ko inintindi kung mapansin 'yon ng Chairman at maging ni Eerah Anitha. Gusto kong magtanong pero kulang ang lakas ko ng loob. Sinundan ko sila ng tingin habang lakad-takbo papalabas ng bahay hanggang sa hindi ko na sila makita. Mayamaya lang ay may narinig akong pagharurot ng sasakyan papalayo sa lugar na 'yon. Napalunok ako kasabay nang pag-iisip kung bakit gano'n ang naging akto nila.

Sinabi ko lang na paparating na si Taguro, bakit gano'n ang kilos nila? Tch.

MAX'S POV

"PUPUNTA ka sa bahay ng mga Rewis?" nagtatakang tanong ni Heurt nang matapos ang usapan namin.

Marami na kaming napag-usapan pero huli na nang banggitin ko ang tungkol sa birthday ni Eerah Anitha.

Umiling ako. **"Hindi ako sigurado kung sa iisang bahay lang sila nakatira."**

Sandali siyang napaisip, tumitig sa 'kin. **"Hindi naman siguro kayo magtatagal doon, hindi ba?"**

Ipinagtaka ko ang pag-aalala niya. Umiling ako. **"Walang dahilan para magtagal. Sapat na oras lang siguro para hindi magmukhang bastos kung aalis agad."**

"Ang asawa ng Eerah na iyon...hindi siya dapat na pagkatiwalaan, Maxpein."

Natigilan ako. *Si Lovemir?* Gusto kong umiling at sabihing hindi. Pumasok kasi sa isip ko ang hitsura nito nang gabing samahan ko siya sa TB. Gusto kong tanungin kung bakit kailangan kong mag-ingat sa taong sa paningin ko ay mahina? Naalala kong sinabi ng mga kaibigan kong siya ang male version ko. Pero habang dumarami ang nalalaman ko sa kaniya ay nakikita ko ang papalaki nang papalaking kaibahan namin. Nasabi lang siguro nila 'yon dahil tahimik 'to at seryosong gaya ko. Pero sa personalidad ay masyado kaming magkaiba.

"Hindi siya kagaya nang kung ano ang ipinapakita niya sa iyo," patuloy niya. Natinag ako. **"Dahil hindi niya ipakikita sa iyo—sa atin**

ang tunay niyang anyo. Mahusay sila, mayaman at sobrang talino. Maski ang buhay ng tao ay kayang-kaya nilang paglaruan sa sarili nilang mga kamay. Nang dahil lamang sa paghihiganti."

"May patunay na ba ang lahat nang 'yan?" *Hindi, imposible si Lovemir. Kung meron man akong dapat na bantayan ay 'yon ang kapatid ni Eerah at ang kanang kamay nito.* Hindi ko na isinatinig ang naisip. Ayaw kong magmukhang matigas ang ulo sa pagkontra sa sinasabi niya.

"Hindi natin alam kung ano ang tumatakbo sa utak ng mga taong 'yon. Kalat sila kung mapapansin mo," dagdag niya. Napatitig ako. **"Meron sa SIS at meron sa BIS. Maging ang mga bahay nila ay hindi nalalayo sa atin—lalo na sa mga target nila. Ang mga Enrile, Gozon, Echavez at Yanai."** Nakuha ko ang ibig niyang sabihin pero aaminin kong hindi ako kontento.

Hinde kasi gano'n ang nakikita ko kay Lovemir. Muli akong napaisip at muling inalala ang gabing 'yon. *Nasasaktan siya nang sobra-sobra. At ang bagay na 'yon ang pinakamahirap pekein sa tingin ko. Ang luha ay napepeke pero ang emosyon na mababasa sa luhaan niyang mga mata ang napakahirap laruin.*

Bumuntong-hininga ako. **"Sige, gagawin ko 'yang sinabi mo, Heurt, salamat."**

"Nakaplano na ang lahat ng kilos nila, Maxpein. Ang panggugulo sa BIS at ang biglaang pag-ayos ng gulong ginawa nila. Ang lahat ay nakaplano na." Hindi talaga mawala ang pag-aalala niya.

Kinabahan naman ako. Hindi ko alam kung ano pa nga ba ang bubuuin ko sa isip.

Tumango 'tsaka tumayo. **"Sa ngayon ay kailangan ko na munang pumunta ro'n. Nando'n si Sensui sa poder ng mga Rewis at hindi ko kayang magtagal dito nang nando'n ang isip ko,"** muli akong bumuntong-hininga. **"'Wag kang mag-alala, hindi ko pababayaan ang sarili ko. Salamat ulit."**

Tumango siya. **"Mag-ingat kayo. Ikumusta mo ako sa nobyo mo."**

Hindi nawala sa isip ko ang mga habilin ni Heurt habang nagmamaneho. Gusto kong magmadali pero pinababagal ako ng pag-iisip.

Anong klaseng plano ang binuo ninyo? Bakit ganito kaperpekto?

Kung susubukan kong sagutin ang sarili ay paniguradong mahihirapan ako. Pinag-aralan ko ang bawat kilos ni Lovemir. Wala akong nakikita at

nararamdamang kakaiba sa kaniya hindi gaya sa t'wing ang mga Rewis ang kaharap ko.

At paanong pag-iingat ang kailangan kong gawin sa kaniya? Gaano siya kadelikado? Katulad ba ng mga Rewis?

Pumarada ako malapit sa kotse ni Sensui. Doon ay pinagmasdan ko ang malaking bahay. Halatang hindi pa tumatagal ng isang taon ang pintura no'n. Bagaman mukhang hindi na bagong tayo ang bahay. Nilingon ko rin ang ilang sasakyang nakahimpil. Panay itim at mga mamahalin. Iyong sa sobrang mahal ay pwede ka nang idemanda, didikitan mo palang.

"Hola." May nagsalita mula sa likuran ko, gulat ko pang nilingon ito. Si Cargosin.

Hindi ko inaasahang ganito pala ang imbitasyon sa kanila, aabangan ka sa labas pa lang. **"Good evening,"** pagbati ko.

Ngiti agad ang itinugon niya. **"It's nice to see you again."**

"I came for the celebration."

"I am expecting that," nakangiti niyang sabi.

Hindi ko naitago ang pagtataka. **"May hinihintay ka dito sa labas?"**

Nakangiwi siyang umiling. **"Papasok pa lang sana ako...kami,"** aniya na nilingon ang likuran.

Doon tumambad sa 'kin ang kanang-kamay nitong si Christian na deretso nang nakatingin sa 'kin. Tumango ito nang mababa at matagal. Na ginantihan ko ng isang mabilis at mababaw na tango.

"Pumasok na tayo sa loob."

Nakiramdam ako habang pareho silang nasa likuran ko. Pakiramdam ko ay nakabantay sila sa bawat kilos ko. Sa isip ko ay gusto nila akong kapkapan para malaman kung ano-anong gamit ang meron sa katawan ko.

Tss. Napapraning ka na, Maxpein.

"Maiwan na muna kita rito, tatawagin ko si Eerah para dulugan ka." Maganda ang ngiti ni Sin nang sabihin 'yon.

"Salamat," tinanguan ko siya. Saka sila lumayo sa 'kin.

Marami nang tao. Ang karamihan ay mayayaman at mayaman tingnan. Meron ding pakiramdam ay mayaman.

Minsan talaga ay malalaman mo kung sino ang nagpapanggap sa totoo. Tss.

Agad kong iginala ang paningin ko at namataan ang hinahanap. Naro'n si Sensui sa gitna ng sala at nakanguso habang kausap ang isang ginang. Tahimik akong lumapit sa gawi nila.

"Maraming inosente ang naapektuhan, hijo, hindi mo sila masisisi," anang ginang nang makalapit ako, hindi ako nila napansin.

Batid kong ang tungkol sa mga nangyari ang pinag-uusapan nila. Gano'n yata talaga kakilala ang mga Enrile, pinag-uusapan.

"Nang dahil sa pamilya ninyo ay maraming nadamay na tao. Kung ako ang nasa lagay nila ay sisisihin ko rin kayo. Sana nga ay isa ako sa mga taong 'yon dahil nanggigigil akong makaganti sa pamilya ninyo." Nakangiti ang ginang habang sinasabi 'yon. Pero mahahalata nga ang panggigigil niya, base sa kaniyang pustiso.

Nakangisi kong nilingon si Sensui na napakatulis na ng nguso. *Ginigisa ang loko.*

Tumikhim ako. Dahilan para maputol ang tutok nilang atensyon.

Tiningnan ako ng ginang mula ulo hanggang pa. Nginitian ko siya. Wala sa katauhan ko ang suriin ang kabuuan niya. Wala siyang importansya sa paligid ko.

"Pwede kitang ilagay sa posisyon ko," itinuro ko ang ginang. **"Para magkaroon ka nang pagkakataong sisihin ang pamilya ng taong 'to,"** isinenyas ko si Sensui. Napamaang ang matanda at syempre, nabastusan sa 'kin. **"Pero sisiguruhin ko sa 'yong bago mo sila sisihin ay pagsisisihan mo munang humiling ka na malagay sa sitwasyon ng iba."**

Hindi nakapagsalita ang matanda. Nabasa ko ang galit sa kaniyang mata. Nakangiwi ko namang inangkla ang kamay sa braso ni Sensui nang hindi inaalis ang tingin sa ginang. Siniringan ko siya matapos ay tinalikuran.

"'Wag kang nakikipag-usap sa matatanda, baka umedad ka, kabe-birthday mo lang," ipinarinig ko pa 'yon sa ginang para maging lubos ang kabastusan ko. Bago ko siya hinila papalayo. **"Para tayong nasa palabas."**

"Huh?" Ramdam ko ang lungkot at kahihiyan ni Sensui.

Napabuntong-hininga ako. Maski iyon ay ayaw kong maramdaman ni Sensui. Kung pwede lang ay pinaaga ko na ang pananahimik ng ginang na 'yon.

"Maraming artista dito at lahat sila at batikan sa pag-arte," makahulugan kong sabi.

Nakanguso siyang tumingin sa 'kin. **"Babe, ikaw ba ay sinisisi mo rin kami sa nangyari?"**

"Hindi," nakanguso ko ring sagot. Nakasimangot siyang tumitig. **"Hindi naman ikaw 'yong nagpasabog, 'di ba?"** nakangisi kong tanong.

Natawa siya. **"Inaapi ka ba nila?"** Nakanguso siyang tumango. **"Kinotongan mo sana."**

"Matanda 'yon, babe," pabulong niyang angil, natawa ako.

"Tss. Mas okay nga 'yon, eh. Ang nakakaawang kotongan ay iyong mga bata. Walang laban.

""Bastos ka talaga. Hindi ako tulad mo. Tch."

"Hey, Maxpein!" hindi ko na nagawang sumagot kay Sensui nang mangibabaw ang makabasag-trip na tinig ni Eerah.

Nilingon ko siya 'tsaka nginitian nang pagkaplastik-plastik. **"Happy birthday,"** iniabot ko ang dalang regalo. *Sana pala ay nilagyan ko ng lason iyan.*

"Woah, wine. Thanks!" masaya niyang sabi 'tsaka tiningnan kaming dalawa. **"Tara sa dining area? Ready na ang dinner."** Tumango ako 'tsaka sumunod.

Syempre, hindi ko inalis ang ngiti sa mukha ko nang muling makaharap ang mga Rewis. Napilitan silang ngumiti nang makita ako. Iilan lang ang tao pero parang napakaraming matang nakatuon sa 'kin. Nakakatawa ang pakiramdam, gusto kong sumayaw.

Ilan kaya ang taong nakikita at hindi ko nakikita sa bahay na 'to? Hmm. Napakaimportante ko talaga.

Pakiramdam ko ay kaming dalawa lang ni Sensui ang bisita. At ang lahat ay pawang mga disenyo lang.

Noong una ay tahimik ang mga kumakain. Ang Chairman din ang hindi nakatiis at nagsalita. **"Nabalitaan ko ang nangyari sa mga kapatid mo, hija. Maayos na ba ang lagay nila?"**

Syempre, nabalitaan mo. **"Maayos naman na ho, pwede na uling puntahan,"** sinikap kong magmukha iyong biro. Syempre, nagulat sila at natigilan. Tumingin ako sa Chairman at saka ngumiti. **"Paniguradong maraming nakabantay sa mga kilos namin."**

"Talaga? Bakit mo nasasabi iyan, hija?" Umaapaw sa interes ang Chairman, nakapanghihinayang ang natatapon.

"Malakas ang pakiramdam ko, Chairman."

"Totoo?"

"Pwede rin hong hindi," pabiro ko uling sinabi.

Matagal bago sila tumawa, pilit pa. **"Maging alisto kayo sa paligid kung ganoon, hija. Mahirap na ang buhay ngayon."** Hindi siya nabigong

ipakita ang pag-aalala. Pero hindi ko iyon naramdaman. May kung anong aura na nakaharang sa pagitan namin.

"Gano'n na nga ho ang ginagawa namin."

"Mabuti iyan."

"Sila na ang kailangang mag-ingat sa 'min ngayon," nakangiti kong sinabi.

Ang magandang ngiti at nag-aalalang mata ng Chairman ay unti-unting napalitan ng pait. Gusto kong tumayo, tumunghay sa kaniya at humalakhak hanggang sa sumabog ang kaniyang galit.

I could hardly believe it when I heard the news today, I had to come and get it straight from you.

Pare-pareho kaming natigilan nang mangibabaw ang pamilyar na tinig at tunog ng piano. Napalingon ako sa pinanggalingan niyon. Gusto ko na namang humanga dahil nabigyan niya nang magandang bersyon ang kantang iyon ni Michael Bolton.

"That voice..." Hindi ko namalayan ang sarili kong nasambit 'yon.

Nasulyapan ko si Eerah nang maramdaman ang paningin niya sa akin. Nakita ko nang mangunot ang noo niya at bumilis ang paghinga.

"How did you recognize that voice?" mahina niyang tanong. Natigilan ako. Lalong kumunot ang noo niya at pinakatitigan ako. **"How did you recognize his voice, Maxpein?"** mas mariin niya nang tanong.

"Kumakanta siya...sa school," ngumiti ako matapos sabihin 'yon. Pero hindi nagbago ang ekspresyon ng mukha niya, lalong hindi naalis sa 'kin ang tingin niya. **"Anything wrong with that?"** Hindi siya sumagot.

Gusto kong lingunin si Sensui, nag-aalala ako sa iisipin niya. Ngunit sadyang hindi maalis kay Eerah ang paningin ko. Nakakatuwa iyong pakiramdam na naaasar siya.

Tama ba ang nababasa ko, may selos sa mga mata mo?

Gusto kong pumikit nang magpatuloy si Lovemir. 'Ayun na naman 'yong emosyon niyang nakakahawa. Pero ayaw kong masamain 'yon ni Sensui kaya sinikap kong pigilan. Ang garalgal at gasgas ng boses ni Lovemir ay hindi kapani-paniwalang nakadaragdag ganda sa himig ng kanta. Malayo ang tinig niya sa orihinal pero nabigyan na naman ng hustisya.

"What's the meaning of this?" dinig kong bulong ni Cargosin. Nilingon siya ng lahat. 'Ayun na naman ang galit sa mga mata ng lalaki. **"Inimbita mo rin ba ang bastardong iyon?"**

"No," halos mautal si Eerah, umiiling habang nagsasalita. **"No, of course not!"**

Matunog ang paghugot ng hininga ng Chairman. Doon ko pa lang nilingon si Sensui. Nakalingon din siya sa gawi ng sala. Marahil ay nabosesan niya rin ang lalaki. Hindi naman na imposible 'yon dahil may talento ang tainga at pandinig niya. Tsismoso nga.

Padaskil na inayos ng Chairman ang sariling coat 'tsaka lumabas ng dining area. Nagmadaling sumunod sina Eerah, Christian at Cargosin. Dahil sa interes ay tumayo ako at sumunod. Dahil tsismoso ay sumabay si Sensui sa 'kin.

Noon ay nakita ko na naman ang emosyonal na mukha ni Lovemir. May kung anong relasyon siya sa piano.

The emotional singer...very emotional singer.

Hindi lang ako kundi ang lahat ay napapahanga. Hindi lang boses niya ang kahanga-hanga. Kundi kung paano niyang gawan ng kwento ang pagkanta. Talagang kakaiba at sobrang nakakadala. Nakakahawa at nakakaawa. Wala na akong akmang salitang magamit para sa kaniya.

Nakapikit pa rin siya hanggang sa mawalan ng tunog ang huling notang tinipa niya. Hindi kapani-paniwalang matapos magmulat ay tumama agad kay Eerah ang paningin niya. Bahagya siyang ngumiti, mababasa talaga sa mga mata ang paghanga sa babae. At kung ako ang tatanungin ay noon ko lang nakita ang kakaibang saya sa mga mata niya. Dahil talaga 'yon kay Eerah.

Tumayo si Lovemir at kinuha ang isang bungkos ng pulang rosas at puting teddy bear na nakapatong sa grand piano. 'Tsaka siya marahang naglakad papalapit sa asawa at lumuhod. Natutop ni Eerah ang sariling bibig habang pinapanood ang pagtinangala ng lalaki.

"Happy birthday, my dearest and sweetest. Not a day goes by when I do not think of you and how empty my life would be if you were not here." Sinabi niya iyon nang buong damdamin kahit lalasing-lasing. Gusto kong pumalakpak. Malayo man ay batid kong nakainom si Lovemir.

"Lovemir, tumayo ka. What are you doing?" inis na singhal ni Eerah sa pinakamahinang paraan na kaya niya.

Pero hindi sumunod si Lovemir, nanatiling nakaluhod. **"*Por favor,* let's forget everything just for tonight, Eerah. I don't want to ruin your celebration."**

"You already did when you came, Lovemir."

"Please, Eerah."

Español...

Masama ang tingin ni Eerah sa asawa. Ngunit hindi maitatangging nagiging emosyonal na rin siya. Muli niyang tinapunan nang masamang tingin si Lovemir 'tsaka tinalikuran ito. Patakbo siyang naglakad patungo sa kung saan. Agad na binitiwan ni Lovemir ang mga hawak at sumunod kay Eerah.

Wow...

Pero hindi pa man tuluyang naabutan ni Lovemir ang babae ay hinarang na siya ni Cargosin.

"Sin, please allow me to follow her."

"*Kieta el stupido*!" singhal ni Cargosin at nang walang ano-ano ay sinapak nito si Lovemir. **"What the fuck was that?"** Dinaklot niya ang tie ni Lovemir at sapilitan itong itinayo upang muling sapakin.

"Cargosin!" nangibabaw ang tinig ng Chairman. Dali-dali namang lumapit si Christian upang awatin ang dalawa.

Kumawala si Lovemir at libreng nakatakbo papasunod kay Eerah Anitha. Agad akong lumapit nang akmang hahabol si Cargosin. Nagulat siya nang pigilan ko ang braso niya. Sumama ang kaniyang tingin, matindi ang pagkakakunot ng noo.

"What?" angil niya.

"Let them talk," ngiti ko.

Marahan niyang binawi ang braso at pinakatitigan ako. Iyong titig na para bang pinagpaplanuhan na sa isip kung ano ang gagawin sa 'kin. Dahil pinigilan ko siya sa gustong gawin.

Lumapit si Christian at inakay papalabas si Cargosin. Para bang gano'n kahirap sa kanilang alisin ang paningin sa 'kin. Kung gugulatin ko siguro ang mga ito ay makabubuo sila ng panibagong plano para maghiganti.

*Tigilan mo ang kalokohan, Maxpein!*Pinagalitan ako ng sariling isip. Napabuntong-hininga nalang ako.

"Everyone, let's go outside, please. Thank you," bigla ay imbita ng Chairman sa bisita.

Nakakagulat na ang galit niyang tinig kanina ay agad na napalitan ng giliw at nakikiusap.

"Sundan natin sila, babe, baka kung ano ang gawin nila ro'n." Bigla akong hinila ni Sensui papunta sa gawi kung saan nagtungo ang mag-asawa. Huli na bago ako makatanggi.

"Woi, ano ka ba?"

"Sundan natin sila."

"Bakit?"

"Baka kung ano ang gawin no'ng dalawa ro'n."

"Eh, ano naman? Labas na tayo ro'n. Mag-asawa sila at bisita lang tayo."

"Baka magkasakitan."

"Baka kung ano ang isipin nila sa 'tin," pabulong kong sinabi pero huli na talaga ang lahat.

Natagpuan namin sina Eerah at Lovemir sa kwartong nasa dulong bahagi ng bahay. Nakaawang ang pinto at tanging ang repleksyon nila sa salamin ang nakikita namin. Bagaman gano'n ang sitwasyon ay dinig na dinig namin ang kanilang pag-uusap.

"Ano ba ang gagawin natin dito, Sensui?"

"Sshh."

"Baka magkasakitan o para may marinig ka?"

"'Wag kang maingay."

"Loko ka, idinamay mo pa 'ko dyan sa pagiging tsismoso mo," mahinang asik ko. Sinenyasan niya uli akong manahimik.

Wala akong nagawa nang mangibabaw ang tinig ni Eerah. **"Please, stop following me,"** mariin niyang sinabi sa gumagaralgal na tinig. Anumang oras ay batid kong sasabog ang mga luha niya.

"I didn't follow you for the same reason, Eerah, believe me. I just want to check if you're okay. Umalis ka bigla, bakit?"

"Anong bakit?"

"I was just greeting you a happy birthday, Eerah." Nakapanlulumo ang dahilan ni Lovemir, hindi pinag-isipin. Hindi ko naiwasang umiling.

"Nakikiusap ako sa 'yo, Lovemir, tigilan mo na! Ilang beses ba akong makikiusap sa 'yo?"

"Look, you're overreacting."

"Over—what?" hindi makapaniwala si Eerah. **"At ako pa ang overreacting?"**

"I was just greeting you, what are you angry about?"

"Hindi na galit ang nararamdaman ko sa 'yo kundi puro awa na. Awang-awa na 'ko sa 'yo kaya tigilan mo na."

"At least, kahit papaano ay may nararamdaman ka pa pala," mapait na tugon ni Lovemir. **"Kahit awa lang, Eerah. Na-appreciate ko, kahit**

awa lang."

"When will you get tired, huh?"

"I've been asking the same damn question to myself, Eerah, if you only knew." Mas garalgal ang tinig ni Lovemir, doon ako napatingin sa mukha niya mula sa salamin. **"You fell in love with the most unexpected person."**

Napalingon ako kay Sensui sa hindi maipaliwanag na dahilan.

Sinong kaya ang tinutukoy ni Lovemir? Hindi pwedeng ikaw, Sensui. Hindi pwede.

Nagtiim ang bagang ko at napukaw ang interes na makinig.

"You don't know what you're saying," ani Eerah. **"I hate you! And that is the only reason why I am like this! Hindi mo ba 'yon maramdaman?"**

"Because I'm too numb to feel your hate right now," kaswal na sinabi ni Lovemir. **"And god knows how tired I am."**

Kunot-noo akong napangiwi. May kaunting pagbabago si Lovemir. Nasanay akong nakikita siyang nagmamakaawa. Malayo ro'n ang hitsura niya ngayon. Napapagod, iyon ang nakikita ko sa kaniya. Totoong napapagod.

"Then, I'm sorry, I'm so sorry. Dahil hindi ko na kayang bumalik sa dati. Hindi na pwede! Kaya please tigilan mo na," nakikiusap ang galit na tinig ni Eerah. **"'Wag mo nang pahirapan ang sarili mo. 'Wag mo nang sirain ang sitwasyon. Dahil hindi na tayo pwedeng bumalik sa dati. Kahit magmakaawa ka—kahit umiyak ka pa."**

"I know," pilit ang ngiting sabi ni Lovemir. **"A million words would not bring you back I know because I've tried."** Gumaralgal muli ang kaniyang tinig. **"But neither would a million tears, Eerah,"** pinahinad ni Lovemir ang sariling luha. **"I know because I've cried."**

Nagkatitigan ang dalawa, matagal. Napakatagal. Pinakikiramdaman ang bawat isa at nangungusap ang parehong mga mata. Walang namutawing salita, tanging emosyon na ibunubuhos ng kanilang mga kaluluwa.

"I regret losing you. Because that's the most painful thing that ever happened to me," dagdag ni Lovemir. Kumunot ang noo ni Eerah. **"But at the same time I wish I never kept trying, knowing I would just go through the same thing. Because in the end the one that gets hurt is not you, it's me."**

"Oh, Lovemir..."

Nanlaki ang mga mata ko nang lumapit si Eerah sa asawa at yumakap. Na para bang nabura ang lahat nang sakit dahil sa mga salitang binitiwan ng lalaki. Pinakahigpitan niya ang yakap sa lalaki bagaman walang nakukuhang ganti mula rito.

"Please, stop. Stop telling me everything because knowing how you feel pains me."

"I wish I never cared. I wish it was easy to stay away from you. But those were the hardest thing to do." Umiiling na ani Lovemir, huminto na ang pagluha. **"Even if I fall in love again with someone new, it could never be the way I loved you, Eerah."** Emosyonal na sabi iyon ni Lovemir. At walang ano-ano ay yumuko siya at sinakop ang labi ng asawa.

Nanlaki lalo ang mga mata ko, napaayos ng tayo at napatitig sa kanilang ginagawa. Nasaksihan ko kung paanong ginantihan ni Eerah ang malalim na halik ni Lovemir. Ang malalim ay naging mas malalim. Ang mga kamay nila ay pawang may sariling buhay. Naglalakbay kung saan man nito naisin. Kumunot ang noo ko sa paraan ng paghalik ni Lovemir, bumaba iyon sa leeg ni Eerah. Nagpaubaya naman ang babae, mas pinakaigihan pa ang pagliyad para mapagbigyan ang asawa. Kinabig pa lalo ni Lovemir papalapit sa kaniya ang babae at kinunsinti ang sariling labi papunta sa kung saan-saang parte ng leeg ni Eerah.

Sunod-sunod ang paglunok ko habang pinapanood ang kakaibang tanawin. Pakiramdam ko ay bumababa ang lebel ng angas ko at wala iyong patutunguhan sa ngayon.

Bumaba ang kamay ni Lovemir papunta sa likurang bahagi ni Eerah, hinaplos iyon paitaas at paibaba. Hanggang sa ang malikot nitong kamay ay mas bumaba pa. Napamaang lalo ako nang biglang buhatin ni Lovemir ang babae. Na ipinulupot naman ang parehong hita sa baywang niya. Bumaba nang bumaba ang paghalik ni Lovemir hanggang sa marating niya ang dibdib ni Eerah. Padaskil niyang hinila ang blusa nito. Saka marahang naglakad hanggang sa maisandal si Eerah sa pinakamalapit na pader. Nanlaki nang todo ang mga mata ko nang itaas ni Lovemir ang palda ni Eerah hanggang sa balakang nito. Saka niya ibinaba ang itim na saplot mula roon. Nagkasunod-sunod muli ang paglunok ko nang ibaba naman niya ang sariling zipper at nagmulat ng mga mata. Tumingin siya kay Eerah bago gawin ang plano.

"Damn, this is bullshit!" asik ni Sensui na siyang ikinagulat ko. Napalingon ako sa kaniya nang kabigin niya ang braso ko. **"Let's go."**

"Pero—"

Nilingon kong muli ang dalawa. Natakpan ko na ang sarili kong mata nang makita kung ano na ang ginagawa nila. Pero mas nagulat ako nang bigla silang lumingon sa gawi ng pinto! Ngunit huli na ang lahat dahil nahila na ako ni Sensui upang magtago. Kamalas-malasang hindi maganda ang naging posisyon namin. Hindi nalalayo sa posisyon nina Eerah. Kung saan nakasandal ako sa pader bagaman nakababa ang parehong paa. Mariin ang pagkakadikit namin ni Sensui dahil sa masikip na pinagtaguan.

"Ano ba?" bigla ay angil niya.

Nagulat ako. **"Inano kita?"**

"'Yong kamay mo!"

"Ano?"

"Alisin mo sa tutut ko! Tsk! Taguro!" asik niya saka ako tinalikuran.

Nanlalaki ang mga mata, nagtataka ko siyang nasundan ng tingin. Nakamaang akong nagbaba ng tingin sa kamay kong nadikit umano sa kaniya. Saka napapapikit na inilingan ang kahihiyan.

OceanofPDF.com

CHAPTER 196

MAX'S POV

"ARAY! ARAY! Aray ko, Taguro! Aray!"

"Anong tutut, ha? Anong tutut? Anong tutut!" Pinagpapalo ko sa braso si Sensui nang makasakay sa kotse niya.

Wala kaming nagawa kundi ang magpaalam sa mga Rewis dahil sa hindi inaasahang pangyayari at nakita. Hindi ko malaman kung ano ang mararamdaman. Pakiramdam ko ay napakaraming nangyari sa loob sa iilang minuto. Nakakabaliw ang napanood ko. Namumula ako sa kahihiyan dahil sa sandaling iyon sa pagitan namin ni Sensui.

Napapikit ako sa inis at sinamaan siya ng tingin. **"Abnormal ka kasi!"**

Napakatulis ng nguso niya, masama ang tingin. **"Idinikit mo kasi 'yang kamay mo sa tutut ko! Bastos ka! Kababae mong tao ay bastos ka! Bastos ka, babe!"**

"Hindi ko nga sinasadya! Sinadya ko ba? Badtrip ka, ah!"

"Kahit pa! Alam mo bang matindi ang epekto no'n sa tao? Mas abnormal ka!"

Aba, at ako pa? **"Woi! Ikaw 'tong humila sa 'kin bigla! Malay ko bang gano'n ang magiging pwesto natin?"**

"Kahit na! Sa dami nang pwede mong hawakan ay bakit doon pa?"

Nanlaki ang mga mata ko. **"Anong hawak—woi! Hinawakan ko ba? Hinawakan ko? Hinawakan ko? Hinawakan ko!"** napipikon na talagang angil ko, patuloy siyang pinapalo. **"Napadikit lang 'yong kamay ko—hawak na 'yon sa 'yo? Ikaw ang abnormal, napaka-OA mo!"**

"Tch! 'Tapos ako ang tatawagin mong manyakis?" nakangisi ngunit naiinis pa ring singhal niya. **"Ikaw 'yon! Mapagsamantala! Yak!"**

Lalong nanlaki ang mga mata ko. **"Ang tigas ng mukha mo, ah!"** hindi ko mapigilan ang inis, napapahiya ako masyado.

Baka ang iniisip niyang sinadya ko 'yon dahil gusto ko, hindi kaya? King ina! Mamatay na! Hindi ko 'yon hinawakan! Napadikit lang nang hindi sinasadya!

"Alam mo—kasalanan mo 'yon, eh! Kasalanan mo lahat!" muli ko siyang pinalo.

"Aray ko, Taguro, ah? Kanina ka pa. Hahalikan na kita!"

"Sige, sasapakin talaga kita!"inambaan ko siya. **"Pwede ba? Bawas-bawasan mo kasi 'yang pagiging tsismoso mo? Napapahamak na pati 'ko, eh!"**

"Wow! Ako pa ang magbabawas, eh, ikaw 'tong may ginawa matapos mamboso!"

Nanlaki ang mga mata ko, napamaang, napapikit at naiumpog ang sarili sa upuan. *Mababaliw ako sa lalaking 'to!* **"Ang kapal-kapal ng mukha mo, Sensui! Sinabi nang hindi ko nga sinasadya! At hindi ko 'yan hinawakan!"**

"Naramdaman ko!"

"Na sinadya ko?"

"'Yong init no'ng kamay mo—kaya hinawakan mo!"

"Letse! Umuwi na tayo! Bababa na 'ko!" singhal ko, akmang bubuksan ang pinto ng kotse niya.

Nagtaka ako nang hindi man lang ako pigilan ng loko. Inis ko siyang nilingon. Matalim pa rin ang tingin niya habang nakanguso.

"What?" asik ko.

"Anong what?"

"What are you looking at?"

"Why are you still here? I thought you're leaving already?"

"Ah!" hindi makapaniwalang sambit ko. **"At hindi mo man lang ako pipigilan?"**

"Tch! Ikaw, papapigil? Mahigit isang taon na tayong magkarelasyon, Taguro, kailan kita napigilan?"

So, wala talaga siyang balak na pigilan ako? Hahayaan niya lang akong bumaba at umuwi? Gano'n? **"Okay,"** inis kong sabi, pilit na hindi ipinakita ang pagkapahiya. Sinadya kong bagalan, hinihintay kong gumawa siya ng hakbang pero nabigo ako. *Darn!* **"Uuwi na 'ko, bye!"**

Pabagsak kong isinara ang pinto. Pero nagugulat kong nilingon uli 'yon nang buksan niya ang makina. *Aba, tingnan mo nga naman, mukhang mauuna pa!* Hindi nga ako nagkamali, naunang umalis si Sensui.

"Ha!" hindi ko malaman kung matatawa o ano dahil nilayasan talaga ako ng loko. **"Harurot pa!"**

Tiim-bagang akong sumakay sa motor at agad ding pinaharurot 'yon. Sa daan ay sinadya ko siyang sabayan. Nanlaki ang mata at butas ng ilong niya, kitang-kita ko 'yon sa side mirror. 'Ayun na naman 'yong matulis niyang nguso.

Tingnan natin kung sino ngayon ang mauuna!

"Hoy! Magpapakamatay ka ba?" pasigaw niyang tanong nang labanan ko ang bilis ng takbo niya.

"Wala kang pakialam!" pasigaw ko ring tugon 'tsaka siya tuluyang inunahan.

"Tingnan mo 'to—babe!" sigaw niya. I raised my fist and middle finger.

Hindi ko na siya nilingon pa hanggang sa maghiwalay ang daan namin. Nakasimangot akong nakauwi sa mansyon. Agad akong sinalubong ni More, pinagmasdan ang aking kabuuan.

"Kumusta ang lakad mo?" nakangiting tanong niya.

Naramdaman ko ang pagtaas ng kilay ko. Napabuntong-hininga ako nang muling maalala ang mga nangyari. Sumama ang mukha ko sa inis, nasapo ang noo.

"Maxpein, are you alright? Did something happened?"

Umiling ako 'tsaka muling bumuntong-hininga. **"Nothing, dad, napagod lang ako."**

"Saan? Akala ko ay birthday party ang pinuntahan mo? Saan ka napagod?"

Natigilan ako 'tsaka napaisip. **"Galing kasi akong school kanina bago ako dumeretso sa party. Pagod sa school tapos 'ayun,"** hindi ko na pinahaba pa ang gustong sabihin.

"Kumusta ang lakad mo kung gano'n?"

Alam ko ang tinutukoy niya. **"Something came up, hindi nasunod ang plano ko sa isip. Nagkaro'n nang..."** Hindi ko alam kung paano ipaliliwanag ang namagitan kina Lovemir at Eerah Anitha. **"May hindi napagkasunduan ang mag-asawa."**

"Is that so?" hinipo ni More ang sariling labi habang magkakrus ang braso, nag-iisip. **"That's weird."**

"Alin?"

Nakangiti siyang umiling. **"Hayaan mo na. Sa susunod mo na lang uli subukang kumuha ng impormasyon sa asawa niya."**

Tumango ako. **"Aakyat na 'ko. Goodnight."** Narinig ko ang paalam ni daddy pero pagtaas ng kamay na lang ang itinugon ko.

Matapos maligo ay nahiga na ako. Hindi ko naiwasang maalala ang mga nangyari. Para akong mababaliw. Noon lang ako napasok sa gano'ng klase ng sitwasyon. Talaga namang nakakahiya ang sandali namin ni Sensui.

Kailan na naman kaya mababura sa isip niya 'yon? Tss. Sa ugali niya ay paniguradong ilang buwan niya na namang isusumbat 'yon.

Ngunit tatlong araw ang nakalipas, hindi kami nagpansinan ni Sensui. Kung paano niya iyong natagalan ay hindi ko alam. Madalas ko siyang maisip, syempre, madalas ko lalo siyang alalahanin. Nag-aalala ako paminsan-minsan. Pero dahil ang gusto ko ay siya ang maunang makipag-usap sa 'kin ay tiniis ko siya.

Dahil lang do'n ay hindi niya ako papansinin? Tss. Napakaisip-bata!

Pero sa isang banda ay napangiwi rin ako. Aminado akong ang iniaasta ko ay gano'n din.

Nawawala lang si Sensui sa isip ko sa t'wing si Lovemir naman ang pumapasok sa isip ko. Wala 'yong ibang ibig sabihin pero hindi ko maiwasan ang magtaka. Tatlong araw na rin siyang hindi pumapasok. At dahil sa huling tagpong nakita ko ay ayaw kong magtanong. Ayaw ko ring masamain ng mga kaibigan ko ang pagtatanong. Wala rin naman silang alam tungkol sa kaniya panigurado. Inaalala ko lang ay ang performance namin sa maliit na event na gaganapin bukas.

Ngunit mukhang hindi nakalimutan ni Lovemir iyon. Kinabukasan ay nagulat ako nang madatnan siya sa backstage. Kasalukuyan kaming nasa Audio-Visual Room. Mas maaga pa siyang dumating kaysa sa 'kin.

"Hey," nakangiwi kong bati. Nilingon niya ako at tiningnan lang. **"Wala ka no'ng mga nakaraan, akala ko ay hindi ka na darating ngayon."**

"Nakapag-practice na ako. Sayang naman 'yong mga kinabisa ko kung hindi ako pupunta."

"Oh, 'buti pumasok ka na," ang tanging nasabi ko. Naagaw ang atensyon nang malaking pasa niya sa braso. **"Okay ka lang?"**

Nilingon niya ako. Sandaling tinitigan 'tsaka pilit na ngumiti. **"Yeah. Of course. I'm okay."**

Sandali akong napatitig sa kaniya bago tuluyang inilapag ang gamit. **"Sigurado ka bang kaya mong mag-perform?"**

Nagtaka siya. "Yeah, may solo performance pa nga ako. Hindi ako papasok kung hindi ko kaya. Don't worry," nakangisi niyang sabi nang

sulyapan ako.

Nakakabahala ang malaking pasa sa braso niya. Halos sakupin no'n hanggang siko niya. **"What's that on your arm?"** tanong ko nang hindi siya nililingon.

"Something that'll not affect my performance."

Napalingon ako sa sarkasmo niya. Minadali niya ang pag-aayos ng gamit at lumabas nang hindi ako tinitignan.

Tss. Bakit nga ba ako nagtanong? Alam ko namang hindi siya magsasabi. Iiling-iling kong inayos ang gamit at sarili bago sumunod.

Binuo ang event na 'yon para lang may school activity at student bonding. Para ma-divert ang atensyon ng mga estudyante at bumalik kahit papaano ang dating sigla na nawala sa campus. Kahit na sino kasi ngayon ay praning pa rin.

Nagsimula ang event sa opening number ng male dance troupe members. Naglalakad palang paakyat sa stage ang mga iyon ay panay na ang hiyawan ng mga babae. Nasisiguro kong si Lovemir lang naman ang dahilan no'n dahil panay bakla ang kasama niyang sasayaw. Dumagundong ang sigawan sa formation kung saan si Lovemir ang nasa gitna. Hindi ko akalaing may ilalakas pa pala ang sigaw ng mga babae nang dahil magsimula na ang kanta.

Napailing ako nang halos himatayin na ang mga babae nang sabayan ni Lovemir ang kanta. Quit Playing Games With My Heart ng Backstreet Boys ang tugtog. Nagmistulang concert ang number na 'yon dahil kumakanta at napapasayaw ang karamihan sa nanonood.

Umugong ang tawanan nang sasabayan ng mga baklang kumanta si Lovemir bilang second voice niya. Palibahasa nga ay mga bakla, nakakapanibago ang magboses lalaki.

Hindi magkamayaw ang mga babae, panay pa rin ang tili. Napako ang paningin ko kay Lovemir. Napanood ko naman na siyang sayawin iyon sa practice pero kakaiba ang dating ngayon. Walang ibang ibig sabihin pero nagbago talaga ang dating sa 'kin.

Nakakapanibago na naaagaw ng mga kilos ni Lovemir ang atensyon ko. Iniwas ko ang paningin at ibinaling 'yon sa iba.

Tss. Dahil ba 'to ro'n sa nakita ko? Tsk. Kung nandito si Sensui ay lalo niya akong tatawaging manyakis. Buraot!

Matapos ang performance nila ay sumunod naman kami para sa panibagong number. Naging mas malakas ang hiyawan pero nananatili kay

Lovemir ang atensyon ko. Lalo na nang maalala ko ang mga sinabi ni Heurt.

Tss. Nakakatawa. Kailangan kong mag-ingat sa kaniya pero sa kanilang mag-asawa ako nakatoka.

Mahirap basahin ang mga kilos nina Eerah Anitha at Lovemir. Masyado kasi 'yong natural at walang kakaiba. Iyong tipong si Lovemir ay naghahabol sa asawa niyang malandi, sobrang natural.

Sa kalagitnaan ng sayaw ay naghawak-kamay kami ni Lovemir at sabay na tumalon. Nakatitig siya sa labi ko, walang emosyon. Hindi ko makita ang dating sigla sa pagsasayaw, nakakapanibago. Bigay na bigay siya ngayon pero parang walang puso.

Hanggang sa matapos ang number ay gano'n ang hitsura ni Lovemir. Hindi man lang napangiti nang malakas na hiyawan at palakpakan. Para bang napakarami niyang iniisip at walang pakialam sa paligid.

Sabay-sabay kaming bumaliksa backstage, pare-parehong nagpalit ng damit. Naunang lumabas ang karamihan. Magsisimula na ang film showing. Tinapos ko ang pag-aayos ng gamit. Papalabas na sana ako nang may humigit sa kamay ko. Sa isang iglap ay naipako ako nito sa dingding.

Sinamaan ko ng tingin si Lovemir. Walang emosyon ang mga mata niyang deretsong nakatitig sa 'kin.

"Pwede ko bang malaman kung bakit kanina mo pa 'ko tinitingnan?" deretsong tanong niya. **"May gusto ka ba sa 'kin?"**

Napailag ako sa gulat. **"Ano?"**

"Tinatanong ko kung may gusto ka ba sa 'kin?"

"Anong pumasok sa utak mo para isipin 'yan?" singhal ko. Hindi siya sumagot, at sa halip ay mas tinitigan ako. **"Bitiwan mo nga 'ko—"** Hindi ko naituloy ang sasabihin nang mas idiniin niya ako. Inilapit niya ang mukha dahilan para mas mapasandal ako. **"Bitiwan mo 'ko,"** nagbabanta ang aking tinig.

"I may look calm, but you can't tell what's inside my mind. Nobody can."

"And your point is?"

"I like intelligent women, Maxpein. And I'm not afraid to fall in love...again. So stop doing what you're doing," dere-deretso niyang sinabi saka ako binitiwan.

Napamaang ako sa kung saan bago siya nilingon. Nanghina ako sa kaba. Halos mahulog ang bag ko, agad akong sinalo upang hindi tuluyang

malaglag. Kinalma ko ang sarili bago tuluyang sumunod.

Hindi ko inaasahang makikita ko siya sa tabi ng mga kaibigan ko. Parehong bakante ang katabing upuan nina Lovemir at Naih. Ngunit alinman ang upuan ko ay makakatabi ko ang lalaki. At kahit hindi ako magtanong ay alam kong para sa 'kin ang pwestong 'yon.

Itinuro ni BJ ang upuan na pinaggigitnaan nina Naih at Lovemir. Pabuntong-hininga akong naupo. Hindi ako nilingon ni Lovemir. Nanlamig ako. Bale-wala sa 'kin ang presensya niya pero dahil sa ginawa niya ay bigla akong nailang.

Nagsimula ang palabas. Itinutok ko doon ang atensyon. Nawawala lang doon ang paningin ko kapag nag-iingay ang mga kaibigan ko.

Horror ang palabas. Nakakagulat at talaga namang nakakatakot. Lalo na sa t'wing natutulog ang bidang babae. Mula sa kisame niya ay nagpapakita ang isang babaeng may mahabang buhok at dumurugong mga mata. Nakatitig sa bida at unti-unting lumalapit. May mga sandaling nagugulat ako, halos mapasabay ako sa pag-igtad ni Naih kapag nabibigla. Nakabibingi ang mga hiyawan at kaliwa't kanang kalampagan.

"Boo!" panggugulat ni Migz, hindi namin napansin ang paglapit niya sa tagiliran ni Lovemir. Karamihan ay nagulat maliban kay Lovemir. **"Ang taray, horror ang palabas pero bakit parang nanonood ka ng drama?"** Nilingon lang siya ni Lovemir. **"Ay, dedma."**

Muling bumukas ang ilaw nang matapos ang palabas. Isinasabit ko sa likuran ang sariling bag nang mapansin ang paningin sa akin ni Lovemir.

"Bakit?" halos mautal kong tanong. Tinitigan niya lang ako.

Hindi ko alam kung ilang segundo pero halos mahugot ko ang hininga nang alisin niya 'yon. Walang sali-salitang iniwan niya kami. Gusto ko siyang sundan ng tingin pero mas pinili kong 'wag na lang. Kunot-noo akong napaisip kung ano ang nangyayari sa kaniya. Pinakiramdaman ko ang sarili at kinuwestyon ang sariling kaba.

Dumeretso kami sa canteen at nagmeryenda. Matapos ay tumuloy kami sa susunod na klase. Hindi na naman pumasok si Lovemir. Nagtataka tuloy ang karamihan sa sunod-sunod na absent niya.

"Ang lolo mo, sayaw-sayawan lang ang eksena. Absent na naman, oh," bulong ni BJ nang matapos ang unang klase sa hapon.

"Kaya namang pumasa no'n kahit hindi pumasok, matalino ang lolo mo," ani Migz.

"Daig pa ng lolo mo ang brokenhearted," ani BJ saka bumaling sa 'kin. **"May chika nga pala ako, 'te."**

"Syempre, kung nasaan ang tsismis ay nandoon ka," pang-aasar ni Migz. **"Ano na naman 'yang tsismis na narinig mo? Kaya bumabaho 'yang tainga mo, eh!"**

"'Tse!" sa akin tumutok si BJ. **"Madalas daw sa The Barb iyang si Lovemir. Ang balita ay hiniwalayan ng girlfriend kaya parating naglalasing."**

"Kawawa naman siya," ani Michiko.

"Heto ang mas nakakaloka,"umikot ang paningin ni BJ.

Inilapit niya ang mukha sa amin. Dahilan para mapatunghay rin papalapit sa kaniya ang mga kaibigan namin. Ngumiwi si BJ at inirapan si Migz.

"Ano, sino sa atin ngayon ang tsismosa?" pang-aasar ni BJ.

"Sabihin mo na, 'te! Pa-suspense ka—mukha kang horror! Imbyerna!" asik ni Migz.

"May pinuntahan akong party sa The Venice with my tita," panimula ni BJ. Naantig ang interes ko. **"We were on our way home when I saw Lovemir. Doon pala siya nakatira?"**

"Ay, sosyal," ani Migz.

"Sinabi mo pa," ani BJ 'tsaka tumingin sa 'ming lahat. **"Syempre, sinabi ko kay tita na classmate ko ang gwapong lolo ninyo. Nagpaalam pa 'ko na lalapitan ko muna. Eh, pagkababa ko ng kotse ay napasakay ako agad! Biglang may pumaradang puting van at may tatlong lalaking bumaba. Tumakbo ang isa sa mga 'yon at bigla na lang pinagsasasapak si Lovemir!"**

Kunot-noo ko siyang pinakinggan, tila nakikita sa isip ang nangyari sa kaniyang kwento. Tuloy ay hindi ko namalayan ang sariling hinawakan si BJ sa braso.

"Ay, hawak-hawakan!" nagugulat na aniya. **"May problema ka sa kwento ko, 'te?"**

"Puting van?" kunot-noong tanong ko. Tumango naman siya. **"Sigurado ka?"**

"'Te, sigurado ako." Nginiwian niya ako. "Umiiral na naman 'yang pagkamisteryosa mo. Ayaw mo sa puting van? Gawin nating black, 'te." Nagtawanan sila habang ako ay nag-iisip. **"Bitiwan mo muna ko, 'te, dyan nanggagaling sa braso ko ang kwento."**

Hindi ko makuhang tumawa. Dahil nang sandaling iyon ay inaalala ko ang nangyari kay Maxrill.

"Eksena, syempre, nagulat ang lola mo!" maaksyong patuloy ni BJ."*Inombag* ni kuya si Lovemir! Pak! Pak! Pak! Sigaw-sigawan ang Lovemir nang—tama na, kuya, tama na—pero ang lolo mo, hindi nakinig! Sinapak siya nang sinapak!"

Kuya? Sinong kuya? Lalong naantig ang aking interes.

"Siguro nag-init ang ulo ni Lovemir, gumanti ang lolo mo! Biruin mo sa sobrang lakas ng pagkakasapak niya ay napagulong si kuya, una ang ulo! My god! Hindi ko akalaing makikita ko siyang gano'n! Talagang lalaking bersyon 'yon ng lola Maxpein ninyo! The BIS action stars!" dinuro niya ako.

Sino ang kuya niya? Nagpaulit-ulit ang tanong na 'yon sa isip ko. Bigla ay nanakit ang sentido ko sa sobrang pag-iisip.

"Ay, Diyos ko, Lord!" Bigla ay napahiyaw si BJ dahilan upang matinag kami. Nakadungaw na si Chupan sa tagiliran niya at astang nakikinig.

"Baka gusto mong doon sa unahan ikwento 'yan, Talucod?"

"No, sir. Thank you."

"Kapag tsismisan talaga ay interesado kayong magkakaibigan, ano? Ikwento ko na lang din kaya kung paano kong ko-compute-in ang grades ninyo?" singhal ni Chupan. **"Kaya kumakapal 'yang nguso mo, kadadaldal mo, Talucod!"**

Nagmamadaling bumaling ang mga kaibigan ko sa kani-kaniyang silya. Nagsimula sa pagkaklase si Chupan. Bagaman nasa kaniya ang mga mata ko ay naglalayag ang aking utak. Hindi mawala sa isip ko ang kwento ni BJ, nagpapaulit-ulit. Inaalala ko rin kung nabanggit ba ni Lovemir na may kuya siya. Wala rin naman akong nakikitang kasama niya bukod kay Eerah Anitha.

Hindi imposibleng iyon ang dahilan nang malaking pasa niya. Ngayon kaya ay nasa The Barb siya?

Natapos ang klase nang hindi ko namamalayan, masyadong okupado.

"Mauna ka nang umuwi." Hindi ko magawang tingnan si Naih. Nagpanggap akong abala sa pagpapalit ng gamit sa locker at bag.

"Saan ang punta mo?"

"Dadaan ako sa TB."

"Ah, samahan na kita."

"Hindi na," nakangiti kong tugon. **"Sabihin mo na lang sa bahay na late akong uuwi."**

"Psh. May date kayo ni Sensui, 'no?"

"Sa TB? Tss."

"Oh, bakit hindi?" tumawa siya. Kumaway ako bilang paalam. "Bakit nagmamadali ka naman yata?" Ngiti na lang ang isinagot ko.

Nagmadali akong pumunta sa The Barb. Hindi nga ako nagkamali, nandoon si Lovemir. At mukhang may tama na.

Gaya nang nakaraan ay panay ang tipa niya, sa gitara naman ngayon. Pero sa sandaling iyon ay hindi emosyonal ang mga kanta. Mukhang masaya dahil nagagawa niyang tumawa.

Natatawa niyang kinanta ang Silvertoes ng Parokya Ni Edgar. Halatang ginagaya niya ang boses ng lead vocalist.

Parang nangyari kailan lang...Meron akong nakitang nakatagong regalo sa likod ng kotse mo. Hugis puso na kahon, at may red na ribbon, mamahaling Toblerone. At noong aking tingnan, para sa iyo mula kay *Christian. Agad kong binuksan, tsokolate ang laman.*

Nangunot ang noo ko nang mapagmasdan ang pagngisi niya bago matapos ang linya. Naantig ang interes ko sa reaksyon niya nang banggitin ang pangalang parte naman ng kanta.

Christian? Tss. Wala namang problema sa pangalang 'yon pero bakit binigyang diin mo?

Bigay na bigay siya sa pagtipa sa gitara. Lalo ko siyang tinitigan at kung ano-anong bagay ang naglaro sa isip ko, agad-agad. Nawala ang paglilibang ko habang pinapanood siya. Halos hindi ko na maintindihan ang mga liriko. Hindi gaya kanina, nang hindi niya pa binabanggit ang pangalang Christian.

Paulit-ulit niyang sinabi ang huling kataga 'tsaka tinapos ang kanta.

Pinakatitigan ko siya nang tumayo siya at pakialaman naman ang drum set. Pinalo niya isa-isa ang bawat bahagi niyonn at inayos ang mikropono. Sinigurong nakatutok 'yon sa kaniya at saka nagpatuloy sa pagpalo.

'Wag ***ka nang magalala, hinding-hindi ako in love sa 'yo. Bakit ba pakiramdam mo pa yata lahat kami ay naaakit mo? Miss, miss, pakitigil lang please ang iyong pagpapantasya. Hindi ka na nakakatuwa. Ipapagulpi na kita sa gwardyang may batuta. Aaah, ya ya! Hindi ko talaga ma-gets kung bakit ka ganyan. Ang feeling mo'y sabik sa iyo ang lahat nang kalalakihan. Sorry, pagpasensyahan mo na. Mali talaga ang***

iyong inaakala. Lahat kami ay nandidiri sa iyo. Ikaskas mo na sana ang mukha mo sa semento.

Mas tumawa siya habang kinakanta iyon. Ewan ko kung bakit tinatamaan ako sa liriko. Kunot-noo at inis ko siyang pinanood.

Hindi siya lumilingon sa gawi ko. Kaya batid kong hindi niya alam na nandoon ako. Naglakad ako papunta sa bar habang nasa kaniya pa rin ang paningin. Pinanood ko nang husto ang paglilibang na halatang pilit niya lang na ginagawa.

Hindi ko na naman naiwasang humanga. Bukod sa drums at tinig niya ay wala nang ibang sumasabay sa awit. Pero habang pinakikinggan ko ay para bang kompleto ang musika dahil sa himig niya. Iniba niya ang kaniyang boses, hindi 'yon kasinlaki sa mga nauna niyang kinanta.

Lahat 'ata ng instrumento ay alam nito. Tss. Talentado.

Napapapikit siya sa bawat hampas sa drums sa t'wing bibilis 'yon. May parte sa kanta kung saan biglang bumibilis ang pagpalo sa drums at napakasarap pakinggan niyon. Kahanga-hanga at kinikilabutan ako sa panonood.

"Nandiyan ka pala, bakla?" nangibabaw ang tinig ni Beka. Nilingon ko siya pero agad ding ibinalik kay Lovemir ang paningin.

"Araw-araw halos nandito 'yang kaibigan mo—"

"Hindi ko siya kaibigan."

"Pero pwede mong sabihin 'yan nang hindi ka galit," nakangiwing ani Beka. **"Araw-araw nandito 'yang kakilala mo,"** pagdidiin niya. **"He's a good customer. Madalas siya dito."**

'Wag ka nang magpapanggap na ikaw ay isang dalagang ubod nang ganda. Kahit na alam naman natin na ang karakas mo ay ubod ng sama!

Halos mapaigtad ako nang tapusin niya ang kanta at tumingin sa 'kin. Nagulat ako at muntik nang mapatayo, kung bakit ay hindi ko alam. Siguro ay dahil hindi ko inaasahang titingin siya sa 'kin. Pakiramdam ko lalo ay para sa 'kin nga ang kanta na 'yon. Pero hindi ko alam kung alin do'n ang ibig niyang ipatungkol sa 'kin. Kung 'yong buong kanta o 'yong huling linya?

Tss.

Ibinalik niya sa kinalalagyan ang drum sticks, inayos niya ang polo matapos tumayo. Tumingin sa 'kin saka dahan-dahang bumaba sa stage. Ginawa niya ang mga 'yon nang tutok sa akin ang paningin. Nilabanan ko 'yon. Ayaw kong makita niyang naaapektuhan ako sa t'wing tititig siya sa

akin. Malayo na ang Lovemir na 'to sa una kong nakilala. Dahil sa pinagdaraanan niya ay naaapektuhan ang pakikitungo niya sa ibang tao.

"Anong drama niyan, bakla?" pabulong na ani Beka. Hindi ko na siya nagawang sagutin dahil nakalapit na si Lovemir sa 'kin. Wala siyang nagawa kundi iwan kami.

Tinunghayan ako ni Lovemir dahilan upang mapaatras at mapasandal ako. Ipinangko niya ang parehong kamay sa bar island para makorner ako. Dahan-dahang umangat ang paningin ko sa mga mata niyang hindi na yata maaalis sa akin. Naamoy ko ang alak mula hininga niya, gano'n kalapit ang kaniyang mukha.

"I don't want to misinterpret your presence but you make me wonder," mahina ngunit mariing aniya. Napalunok ako at sinikap 'wag magpakita ng anumang reaksyon. **"What you do annoys me, Maxpein, apparently it wasn't enough to make angry. Are you provoking me? Or are you trying to provoke me?"** Lalo niyang inilapit ang mukha sa 'kin. Wala na akong maatrasan pa. Maliban nalang kung lulusot sa ilalim ng mga kamay niya. **"Answer me, Maxpein—"**

"Not too close." Bigla ay nangibabaw ang pamilyar na tinig ni Sensui. Natigilan at nagulat kaming pareho ni Lovemir. **"Stay away from my property."**

Ang tinig ni Sensui ang may kakayahang makapagpakabog sa dibdib ko sa kakaibang paraan. Iyong takot ko sa kaniya ay nakatutuliro, hindi ko malaman ang gagawin.

Nilingon ko si Sensui, nagtama ang paningin namin. Iyong tingin na hindi masama pero may pero pinatitindi ang aking kaba. Nakatiim ang kaniyang bagang ngunit kalmado. Siya lang talaga ang nakagagawa no'n.

Muli kong nilingon si Lovemir. Halos mapaatras na naman ako nang makitang nasa akin pa rin ang paningin niya. Ngunit hindi 'yon nagtagal, sandali siyang tumitig sa labi ko at saka ngumisi bago nag-iwas ng tingin. Ngunit kung hindi pa alisin ni Sensui ang kaniyang mga braso, hindi siya aalis sa pagkakabakod sa akin.

Itinabi ako ni Sensui sa kaniyang likuran. **"Pwede kang makipag-usap sa girlfriend ko nang hindi ganoon kalapit. What the hell is your problem, Lovemir?"** halatang nagpipigil siya ng galit. Mas tumindi ang kaba ko.

"Just busy doing nothing, but you disturbed me," sarkastiko aniLovemir.

Magsasalita na sana si Sensui nang kunin ko ang kamay niya. **"Tara na,"** sinikap kong 'wag mautal.

Hindi nagsalita si Sensui. Sandali niya akong tinitigan bago nilingon si Lovemir. Sandali silang nagkatitigan bago ako tuluyang hinila palabas. Hindi pa rin siya nagsalita hanggang sa makarating kami sa kotse. Pero nang hindi niya buksan ang makina ay nakiramdam ako, mukhang hinihintay niya ang paliwanag ko.

"May dala akong motor," mauutal nang sabi ko.

"Alam ko," aniya, seryoso masyado. **"Nakita kita kaya sinundan kita hanggang dito."**

"Bakit?" tanong ko pero naiinis siyang nag-iwas ng tingin. **"Babe,"** hinawakan ko ang braso niya. **"Wala lang naman 'yon."**

"Sinong niloko mo, Taguro?" hinila niya ang braso mula sa 'kin, nabigla ako. **"Nakita ko kayo sa AVR. Kanina niya pa ginawa 'yon, ano ang ibig sabihin no'n?"**

Natigilan ako sa gulat. *Nakita niya? Bakit hindi siya lumapit?* **"Babe..."**

"'Wag mo 'kong hawakan."

"Hindi naman kasi 'yon tulad nang iniisip mo."

"Kasalanan ko pa ngayon?"

"Hindi naman gano'n ang sinabi ko."

Sinamaan niya ako ng tingin bago siya nag-iwas at bumuntong-hininga. **"Kung kasalanan ang ipaglaban kung ano ang pag-aari ko ay handa akong makulong, Taguro. Layuan mo ang lalaki mo kung ayaw mong masaktan kayong pareho."**

"Hindi nga kasi gano'n 'yon."

"Nakita ko nga kayo. Pwede kayong mag-usap nang hindi gano'n kalapit—bakit kailangan niyang lumapit nang gano'n? Taguro, sa akin 'yon! Ako ang gumagawa sa 'yo no'n! Bakit hinahayaan mong gawin sa 'yo ng iba? Anong klase ka?" sunod-sunod niyang singhal, halos mapaiwas ako sa sobrang lakas.

"'Wag mo naman akong pagsalitaan ng ganiyan,"nakikiusap kong sabi. **"I'm sorry."**

Inis niya akong tiningnan, sunod-sunod ang paghinga na para bang tumakbo siya bago sumigaw. Nando'n na naman sa 'kin ang takot na siya lang ang nakagagawa. Hindi ko alam kung paano akong magpapaliwanag.

"Tatanggapin ko ang sorry mo kung ipangangako mo sa 'kin na hindi ka na ulit makikipaglandian sa lalaki mo," mariing aniya.

Hindi ko napigilan ang galit. **"Paglalandi na ba agad 'yon sa 'yo?"**

"Bakit? Wala lang ba sa 'yo ang gano'n?" nagmamaang-maangang aniya. **"Ano-ano ba ang level nang paglalandi mo, Taguro?"**

Awtomatikong umangat ang kamay ko ngunit hindi ko siya nagawang sampalin. Pareho kaming nakatiim ang mga bagang at masama ang tingin sa isa't isa.

"Ikaw pa ngayon ang galit? Matapos no'ng nakita nating ginagawa nila—ano sa tingin mo ang mararamdaman ko? Ano sa tingin mo ang iisipin ko sa nakita ko ngayon, Taguro? Hindi lang isang beses kundi dalawang beses ko kayong nakita sa gano'ng posisyon. Ano ang gusto mong isipin ko? Sinabi ko nang may tiwala ako sa 'yo pero sa kaniya—wala!"

"Pero hindi mo 'ko dapat na pinagsasalitaan nang ganiyan, Sensui. Wala kang respeto," halos mangilid ang mga luha ko. **"Napakabastos mong magsalita. Gano'n na agad ang tingin mo sa 'kin? Napaka-OA mo."**

"OA..." Natawa siya kunyari, tumingin sa labas at pinaglaro ang hintuturo sa labi. **"Bahala ka sa buhay mo."** Sa wakas ay nagsalita siya pero malamig na ang tono. **"Magiging busy ako. Hindi tayo magkikita nang halos isang buwan. Bahala kang gawin kung ano ang gusto mo. Kung gusto mong makipaglandian sa kaniya ay bahala ka."**

Bumaba siya at pinagbuksan ako ng pinto. Hindi niya ako tinapunan ng tingin. Ayaw kong isiping nababagot siyang maghintay sa pagbaba ko. Nagugulat akong tumitig sa kaniya, hindi nagawang kumilos.

"Babe naman?" napapahiya kong sambit.

"Please get out."

"Hindi ako nakikipaglandian sa kaniya. Makinig ka naman muna."

Nagbaba siya ng tingin sa akin. "Nakikinig ako sa 'yo, parati. Pero ang mga sinasabi mo ay parating malayo sa nakikita ko, Taguro. Please, get out of my car."

Nagtimpi ako ng galit pero hindi ako nagtagumpay. Padabog akong bumaba at sinipa ang gulong niya. Nanatili siya sa ganoong posisyon. Nakahawak ang isang kamay sa pinto habang ang isa ay nakakuyom. Tumingala siya sa ere at bumuntong-hininga. Pabagsak niyang isinara ang pinto at sumakay saka niya pinaharurot ang kotse papalayo.

Napayuko ako, napapikit sa inis. Pakiramdam ko ay sandali akong pinanawan ng lakas dahil sa galit. Nanlulumo akong lumapit sa motor.

Sasakay na sana ako nang muling masulyapan si Lovemir sa entrada ng TB. Mas tumindi yata ang galit ko dahil sa nakakalokong pagkakangisi niya.

King ina ka.

"Ang cute mo talagang magalit kapag boyfriend mo ang dahilan," sarkastikong aniya.

Hindi ko napigilan ang sarili. Nagmadali akong lumapit sa kaniya at nang akma ko siyang sasampalin ay pinigilan niya ang braso ko.

Tumaas ang kilay niya. **"Babae kadalasan ang pinapatulan ko, Maxpein,"** nakangisi pa ring aniya na pinasadahan ng tingin ang kabuuan ko. **"Dahil sila 'yong mahihina at madaling makuha. I'm warning you."**

"Sira-ulo ka kasi!" asik ko.

"Malay ko bang gano'n mag-isip ang boyfriend mo?"

"Bakit kasi kailangang lumapit ka pa sa 'kin nang gano'n?"

"Para mas matandaan mo ang sasabihin ko," humalakhak siya. **"Nawala ba agad sa isip mo? Ipupusta ko, magpapaulit-ulit 'yan sa 'yo sa t'wing maaalala mo ako."**

Ngumisi siya saka binitiwan ang braso ko. Sa inis ay tinuhod ko ang pagitan ng mga hita niya.

"Ara—hey!" napalitan ng galit at sakit ang kaninang nakakainis niyang mukha.

"Asshole!" angil ko 'tsaka siya tinalikuran.

OceanofPDF.com

CHAPTER 197

EERAH ANITHA'S POV

"Aalis na muna ako," paalam ko. Lumapit sa daddy ko at humalik.

"Where are you going?" Sin asked.

"Sa party ni Almeyra, my high school best friend," sagot ko habang nag-aayos ng buhok. **"Remember her?"**

"Of course I remember her," ani Sin na tumikhim at dumilim ang mukha. **"Eh, di magkikita na naman kayo ni Lovemir?"**

"Maybe?" nagkibit-balikat ako. **"I'm going. Bye."** Hindi na ako nakatanggap ng sagot sa kanila.

Nagpatugtog ako habang nagmamaneho. Nakangiwi kong sinabayan ang kanta, bagay na madalang kong gawin. Sa isip ay pinuri ko ang sarili sa magandang mood.

"Oh, my god, is that you, Eerah Anitha?" mula sa aking likuran ay nangibabaw ang pamilyar na tinig ni Almeyra.

Totoong best friend ko siya sa matagal nang panahon. Sa States siya nakabase kaya naman laking tuwa ko nang malamang umuwi siya para i-celebrate ang birthday.

Sabay kaming napatili. **"Almeyra!"** Sinalubong namin ng yakap ang isa't isa, emosyonal at nangilid ang luha. **"Oh, god, I missed you so much!"**

"Me, too, Eerah Anitha!" kumalas siya upang tingnan ang kabuuan ko. **"God knows how much I missed you!"**

"It's been years, Almeyra, of course we missed each other this much!" hinigpitan ko ang yakap.

"How have you been?" nananabik niyang tanong. Napangiti ako. **"Sa loob tayo magkwentuhan. Nadagdagan ang excitement ko dahil sa 'yo."**

"Marunong ka pa palang mag-Tagalog?" biro ko.

"Oo naman, 'no! Pinoy ang asawa ko at sinasanay naming magsalita ng Filipino ang mga bata."

Nauna siya sa 'king mag-asawa kaya naman may dalawang anak na siya ngayon. Iginiya niya ako sa sofa. Inutusan niya ang maid bago humarap sa

'kin nang tuluyan.

Simple lang ang party ni Almeyra. Iilan ang bisita ngunit espesyal ang mga handa. Kilala ko ang karamihan sa mga naroon, kasama naming sa Tahanan. Ipinakilala naman ako ni Eerah sa iilang hindi kakilala.

"Ang tagal nating hindi nagkita!" excited na aniya nang igiya niya ako sa sofa.

"And it's been months since the last time we talked."

"Ah, my bad. I've been busy. Nag-aaral na ang mga bata so kailangang mas focused ako sa kanila. Home-based ang job ko so hindi ako masyadong nahihirapan."

"Hindi mo naman kailangang magtrabaho, mayaman ang asawa mo."

"Ugh! Kailangan ko nang pagkakaabalahan. Mababaliw ako sa bahay."

"Ano naman ang trabaho mo?"

"Online critic sa kilalang newspaper company sa 'Tate. I'm also into baking cake and pastries then 'binibenta ko."

"Wow, hindi na kita makilala."

"Now, kwentuhan mo ako, Eerah Anitha? How are you? How do you maintain your sexy figure? Tell me your secrets!" tumatawa niyang sabi.

"Sexy ka dyan." Natawa rin ako. **"Okay naman ako. Busy pa rin as usual,"** lang ang nasabi ko

Hindi ko alam kung paanong magkukuwento. Pakiramdam ko ay walang interesanteng bagay tungkol sa akin. Gusto kong mainggit kay Almeyra. Sa kabila nang pagiging simple, nararamdaman kong matagumpay siya sa buhay. Iyon ay dahil masaya siya.

"I don't know why I feel awkward." Natawa ako uli. **"Dahil ba sa matagal tayong hindi nakapag-usap o nai-intimidate na ako sa 'yo? Hahaha!"**

"Oh, am I intimidating?" Nagtaas siya ng kilay. **"So, what makes you busy?"**

Natigilan ako saka pilit na ngumiti. **"Well..."** Hindi ko malaman kung ano ang ikukwento. **"Nag-aaral ako."**

"Again? Well, that's good. Anong pinag-aaralan mo? Cooking, baking, gano'n?"

"Engineering," nawala ang ngiti sa labi ko.

Kumunot ang noo niya, lumayo nang bahagya ang mukha sa 'kin. **"You're taking up what? Engineering?"** Napapabuntong-hininga akong tumango. Hindi niya malaman kung matatawa o magugulat. **"You already finished that course, right, Eerah? Cum laude ka pa nga."**

Hindi ko alam kung paanong magpapaliwanag. Hindi ko kayang magsinungaling sa best friend kong si Almeyra. Inaasahan ko nang mag-uusisa siya. Mali ko dahil hindi ko pinaghandaan ang isasagot.

Napapikit ako at muling umiling 'tsaka siya hinarap. **"It's very complicated, I can't explain..."** Lalong tumaas ang kilay niya. **"May kailangan lang akong gawin—"**

"Don't tell me na parte pa rin 'to nang..."

"Yes," agad kong sagot sa bitin niyang tanong. **"Yes, Almeyra."**

"God, when will you stop doing these things? Who's the victim now?"

I sighed and pinched my lower lip. Gano'n na nga yata ako ka-busy para malimutang may nalalaman si Almeyra sa nakaraan ko. Kilala niya ako nang buong-buo. Sa hitsura o kilos ay nagagawa niyang alamin ang nararamdaman o pinagdaraanan ko.

"There's this family na gustong paghigantihan ng daddy," napapahiya, kinakabahan sa hindi malamang dahilan na sagot ko.

"And you just let him? God, Eerah Anitha, I can't believe you! Nasaan ang utak mo?"

Palibhasa'y hindi ko nga magawang magsinungaling sa kaniya ay alam niya ang takbo at problema sa loob ng pamilya ko. Naiintindihan niya ako pero may mga oras na pakiramdam ko ay hindi. Simula pa man noon ay nagsasabi na ako sa kaniya ng mga sikretong dapat ay sa pamilya ko lang. Kailangan ko nang hingahan at siya lang ang may kakayahang pakinggan ako. Siya lang ang naaasahan kong masabihan. Pero dahil naging abala siya sa pamilya ay naging madalang ang communication namin. Marami siyang hindi na nalalaman tungkol sa 'kin, ilang buwan din kaming hindi nagkausap.

Ipinaliwanag ko sa kaniya ang nangyari. Hindi siya makapaniwala, syempre. Nandoon 'yong pinahihinto niya ako sa mga planong nakaatas sa akin. Hindi ko siya mabigyan nang tamang sagot. Disappointed siya, inaasahan ko na 'yon. Ngayon lang ako hindi nakinig sa kaniya. At bilang kaibigan at nag-iisang best friend ay nasasaktan ako. May sandali pang

naiyak ako sa pagkukwento. Nakatanggap pa rin ako ng awa pero ipinamukha niya kung gaano kamali ang desisyon ko.

"Hindi ako makapaniwalang si Eerah Anitha na kinaiinggitan nang lahat sa Tahanan ay ganito ang sitwasyon ngayon. Please don't get me wrong, kailangan ko lang sabihin 'yan," mapakla niyang sinabi.

"I know, Almeyra. But no one can stop him. No one." I was talking about my dad.

"You can, you and your brothers can. Kung gugustuhin ay pwede ninyo siyang pigilan."

"We can't."

"Why not?"

"Because that's how powerful he is."

Bumuntong-hininga siya. **"I don't believe that. You have the power to change your life, Eerah Anitha. Save yourself."**

Hindi na ako sumagot. Nakatungo akong nag-isip. Nahihiya ako, kinakabahan pa rin kahit tapos na ang usapan.

Inaalok niya ako ng iba't ibang uri ng pagkain. Nagawa niya akong asikasuhin dahil siya lang sa pamilya ang umuwi, wala ang asawa't mga anak niya. Halos lahat ng bisita niya ay libang na libang sa tugtugan at kantahang ginagawa.

Sabay kaming napalingon ni Almeyra sa pinto nang mangibabaw ang ingay. Napatayo siya upang tingnan kung sino ang dumating. Natigilan naman ako nang makitang si Lovemir 'yon, pormal na pormal sa suot na suit. Sinalubong niya si Almeyra ng yakap at inabutan ng bungkos ng rosas. Nakipagbeso si Lovemir dito, bagay na madalang niyang gawin sa kakilala.

Malapit na kaibigan sa 'min si Almeyra. Pero hindi ko alam kung paanong babanggitin sa kaniya ang tungkol sa 'min ni Lovemir. Hindi ko alam kung tama bang ilahad ko rin iyon ngayon.

Hindi ako handa.

"Happy birthday."

"Thank you, Lovemir. Oh! You look good!" Sinuyod siya nang humahangang tingin ni Almeyra.

"You look better. It's nice to see you again, Almeyra." Napakagandang pakinggan ng mga pangalan namin kapag si Lovemir ang nagbabanggit. Napabuntong-hininga na lang ako at muling naupo. Sumimsim ng alak at saka nagpatuloy sa pagkain.

"Come here," inakay ni Almeyra sa gawi ko si Lovemir. Natigilan ito matapos akong makita. **"Bakit nga pala hindi kayo nagsabay papunta dito?"**

Nagkatinginan kami ni Lovemir. **"Magkaiba kami ng pinanggalingang bahay."**

"I see," mabuti na lang at hindi agad iyon nakuha ni Almeyra. **"Oh, kumusta?"**

"I'm good, how are you?"

"Happily married with two kids!"

"Yeah, I heard about that," nakangiting tumango si Lovemir. Napasulyap ako sa kaniya pero tutok siya sa kausap. **"Best thing ever that happened to you, huh?"**

Tinapik ni Almeyra ang braso niya. **"Of course!"**

"I'm happy for you."

"You sound bitter! Stop it!" muling tinapik ni Almeyra ang braso ni Lovemir. **"Kayo? How's your family? Any kids?"**

Napahalakhak si Lovemir, syempre, sarkastiko ang dating no'n. **"No kids."**

"Bakit wala pa? 'Tagal ninyo na, ah?"

"I can't have kids anymore." Tumawa si Lovemir.

Hindi ko malaman ang magiging reaksyon nang lingunin ako ni Almeyra. Syempre, inaasahan ko nang mapag-uusapan namin ang tungkol sa amin ni Lovemir. Pero gaya kanina, hindi na naman ako nakapaghanda nang isasagot.

Nagulat ako nang lumapit si Lovemir. **"May I sit beside you?"**

Kabado akong nag-angat ng tingin. Hindi ako nakasagot. Sa halip ay umurong na lang ako at nakamot ang batok.

"Bakit hindi pa kayo gumawa ng baby? Napakalaking stress reliever nang pagkakaroon ng anak, believe me," masayang lahad ni Almeyra. **"And I promise that I'll be there when you give birth to your first child,"** sa 'kin siya bumaling.

Mapait na ngiti lang ang isinagot ko. Nang sandaling tumitig sa akin si Almeyra ay batid ko nang nakukuha niya na ang pananahimik ko. Unti-unting nawala ang ngiti niya saka nagpalitan ng tingin sa amin ni Lovemir.

"What's wrong with you guys?" inosenteng tanong ni Almeyra.

"What?" natawang muli si Lovemir, nakatuon ang mga mata sa bagong served na pagkain. **"Mm, mukhang masarap 'to, ah?"**

"Are you guys okay?"

Nilingon ako ni Lovemir. **"Could have been better, Almeyra."**

"No. I don't think so. Something is...wrong."

"What?" ngumiti si Lovemir.

"Naghiwalay ba kayo?" nagugulat na tanong ni Almeyra, muling nagpalitan ng tingin sa 'min. Kinabahan ako. **"Did you get divorced?"**

Tumawa si Lovemir, mas malakas kompara kanina. **"My goal was to get married once, Almeyra. No divorce and no cheating. Just us two 'till the end."**

"Then why are you like this?"

"What?" Hindi mahinto sa pagtawa si Lovemir, nakakainis.

Hindi malaman ni Almeyra kung sino sa amin ni Lovemir ang tititigan. Hindi ko magawang salubungin ang titig niya, masyadong maraming tanong ang mababasa ro'n.

"Mm, this is delicious!" ani Lovemir, iniiba ang usapan. Tinitigan siya ni Almeyra na para bang kinakapa ang actions niya habang ako ay pinapanood silang dalawa.

"Lovemir!" lumapit ang isang kakilala.

"Emily, hi!" Tumayo si Lovemir para yakapin ito. Natatandaan kong taga-hanga ni Lovemir ang babaeng ito.

Sandali silang nagkumustahan. Mababasa sa mata ng babae ang pananabik na makita si Lovemir. Syempre, hindi nawala ang kuwentuhan at nabanggit na naman ako. Lalo akong nailang nang samaan ako ng tingin ni Almeyra.

"Naghiwalay kayo?" pabulong niyang tanong. Tango lang ang naisagot ko. **"God! Why didn't you tell me?"**

"Because you were busy, we were both busy," kunot-noo kong sagot. Pakiramdam ko ay utang ko ang hindi pagkukwento. **"I just didn't know how to tell you."**

"What? Sa akin ka pa nakaramdam ng ganiyan?"

"Of course. Nahihiya ako."

"For what reason?" asik niya, hindi ako nakasagot. Bumuntong-hininga siya 'tsaka umiling nang umiling. **"Bakit kailangang mangyari 'yon? At bakit mo hinayaang mangyari 'yon?"**

"It's a long story, Almeyra, hindi sapat ang gabing 'to para malaman mo ang lahat."

"Then make it short!"

"Marriage requires falling in love many times with the same person, Almeyra. And I...well, I fell out of love," hinay-hinay kong sinabi.

Natigilan siya, matagal bago nakasagot. **"You're lying."**

Napaangat ako ng tingin at napatitig sa kaniya. **"Almeyra..."**

"You are lying, Eerah. And I can tell that by looking at your eyes."

Nagbaba ako ng tingin, hindi nakapagsalita. Naramdaman ko na lang nang yakapin niya ako. Sabay kaming napabuntong-hininga.

"Hey, I'm going to sing," naudlot ang sasabihin ko nang magsalita si Lovemir. Inis kong tiningala ito. At mas nainis nang makita kung gaano kakinang ang ngipin niya sa sobrang pagkakangiti. **"I said I'm going to sing."**

"Who the hell cares, Lovemir?" singhal ko.

Humalakhak siya. **"Ayaw mong naririnig ang boses ko, Eerah Anitha. Because you're falling in love with my voice, remember?"**

Natigilan ako bagaman masama pa rin ang tingin. **"Get lost!"**

"I found myself already," sarkastiko niyang sabi 'tsaka umakbay kay Emily saka sila sabay na lumayo.

"You're a crazy ass bitch!" singhal sa 'kin ni Almeyra.

"What?"

"Whatever," umiling siya nang umiling 'tsaka nilingon si Lovemir.

Nakaupo na si Lovemir sa grand piano nang sulyapan ko. Mapait ang ngiting sumilay sa labi ko nang maisip kung paano niyang nakuha ang atensyon ng lahat. Dati na siyang ganoon. Kilala si Lovemir sa Tahanan dahil sa talento sa pagtugtog. Ang lahat sa Tahanan ay may isa hanggang tatlong talento sa pagtugtog at pagkanta.

kaming magkakakilala ay maraming alam na instrumento pero tanging si Lovemir ang may kapangyarihang agawin ang atensyon ng lahat kapag tumugtog nito.

Ilang key palang ang tinitipa ni Lovemir ay alam ko na kung anong kanta ang kaniyang tutugtugin. Tumaas ang kilay ko sa ganda nang pagkakangiti ni Emily habang nakasandal ito sa grand piano at deretsong nakatingin kay Lovemir. Sa sandaling 'yon ay nagsisi agad ako kung bakit hindi pa ako umalis matapos siyang makita. Kadalasan ay gano'n ang ginagawa ko. Lalo na nang may mangyari sa 'min nitong huli, noon ko napagdesisyunang 'wag na talagang makipagkita sa kaniya.

Pero 'eto ka na naman, Eerah, nakatingin sa mga kamay niyang may kakayahang manghipnotismo.

Hindi ko mabilang kung ilang beses kong pinagalitan ang sarili nang hayaan ko siyang may mangyari sa 'min. Nang hayaan ko ang sarili kong muling magkamali dahil sa kaniya.

May nararamdaman pa ba talaga ako sa 'yo? Bakit gano'n? Dapat ay wala na! Oo, wala na talaga!

Hindi ko alam kung panlololoko ang tawag dito pero naniniwala akong wala na akong nararamdaman kay Lovemir. Nangyari ang bagay na 'yon sa pagitan namin dala ng matinding galit at emosyon. Bukod do'n ay wala ng iba pang dahilan.

Ikaw ang lahat sa akin, kahit ika'y wala sa aking piling. Isang magandang alaala. Isang kahapong lagi kong kasama. Ikaw ang lahat sa akin, kahit ika'y di ko dapat ibigin. Dapat ba kitang limutin? Pa'no mapipigil ang isang damdamin kung ang 'sinisigaw, ikaw ang lahat sa akin?

Emosyonal na umawit si Lovemir, napapikit ako at agad na nag-iwas ng tingin. Hindi pa man niya nakakalahati ang kanta ay iniba niya ang tono, bagay na madalas niyang ginagawa. Mas napatitig ako sa kaniya. Pero halos mapaigtad ako nang magmulat siya ng mata, bahagyang nakakunot ang noo, at magtama ang paningin namin.

Narito, ang puso ko inaalay lamang sa 'yo. Aking pangarap kahit saglit, ang ikaw at ako'y magkapiling. Minsan pang makita ka, damdamin ay sumasaya. Lungkot napapawi, buhay ko'y ngingiti. Sa sandaling pag-ibig mo'y makamit.

Paborito talaga ni Lovemir sina Gary Valenciano at Martin Nievera. Walang kanta ang mga ito na hindi niya tinugtog. Kahanga-hanga lang na nahihigitan niya pa sila kung minsan.

"I...I have to go," napapailing kong sabi saka dinampot ang pouch ko.

Pinigilan ako ni Almeyra. **"Just watch. He's showing you what you missed out on,"** tiim-bagang niyang sabi.

Mabilis na nangilid ang luha ko sa hindi maintindihang dahilan. **"I have to go. Please let me go, Almeyra."**

Tumitig siya sa 'kin. **"Gusto mo bang ipakita sa kaniya kung paano kang nagsisisi?"**

"What?"

"'Wag ka ngang gaga? Maupo ka. Masyado kang halata."

"Almeyra?"

"Mahal mo pa siya, Eerah, tigilan mo 'ko sa pag-arte mo."

"Ano ba ang sinasabi mo?"

"Ang maupo ka at panoorin siya. 'Wag mong ipakita sa kaniyang aalis ka dahil lang kumakanta siya? Natatangahan ako sa 'yo pero hindi ko kayang bitiwan ka basta-basta sa ere. Kesehodang ikaw ang tanga sa inyong dalawa. Umayos ka ng upo at manood na lang. 'Wag mo ipahalatang sising-sisi ka na. Gaga." Alipin akng sumunod. **"You didn't fight for what you want then don't cry the hell out for what you've lost."**

Napatitig ako sa kaniya 'tsaka muling nilingon si Lovemir, hindi ko inaasahang nakatingin pa rin siya sa 'kin.

Kumunot ang noo niya na para bang damang-dama ang kanta. Mula sa kinauupuan ko ay makikita ang pangingilid ng luha niya. Inisip ko na lang na dahil 'yon sa sobrang taas ng kanta. Pumikit siya upang maabot ang pinakamataas na tono. Nasa akin pa rin ang paningin niya nang magmulat.

"Mahal ka pa rin niya," muling ani Almeyra.**"Mahal ka pa rin ni Lovemir—"**

"No," agad kong sinabi. **"No. Hindi gano'n 'yon,"** pinilit kong ngumiti.

"Pwede mong lokohin ang mga tao sa harap mo pero hindi ang sarili mo, Eerah. You're pushing him away pero ikaw 'tong bitter. Ano ang problema mo? Alam mo kung simpleng away-bati lang 'yan, mag-ayos na kayo."

"Hindi lang simple 'to, Almeyra."

Tumitig siya sa 'kin. **"Then make it simple. 'Wag mong pahirapan ang sarili mo. 'Wag ninyong lokohin ang mga sarili ninyo. Mahal niyo pa ang isa't isa kaya balikan niyo ang isa't isa."**

"Hindi mo naiintindihan, Almeyra, hindi na gano'n kadali ang sitwasyon ngayon."

"Kung may kinalaman ito sa pamilya mo, fine. Hindi na ganoon kadali ang sitwasyon pero may paraan pa rin, right? Gawan mo ng paraan para magkabalikan kayo."

Buntong-hininga na lang ang isinagot ko. Gusto kong magpaliwanag pero mas hindi niya maiintindihan ang sasabihin ko. Lalo siyang mahihilo sa katotohanan kung bakit hindi kami pwedeng magkabalikan ni Lovemir. Kung bakit kailangan kong iwan si Lovemir. Kung bakit kailangan kong kalimutan si Lovemir.

"I have to go," hindi ko naramdaman ang paglapit ni Lovemir.

"Agad?" gulat na ani Almeyra. **"Tumugtog ka lang at uuwi na? No, let's drink first,"** giit niya. **"Tutugtog ka lang, dedicated pa sa iba! How sweet, Lovemir,"** mapait niyang dagdag, natawa silang dalawa.

Natigilan ako at pinanood si Lovemir na hilahin ang isang silya at maupo sa harap ko. Natauhan nalang ako nang matawa siya sa reaksyon ko.

"Just tell me if you don't want my face in front of you, Eerah." Hindi ko siya sinagot. Kinuha niya ang brandy at nagsalin sa baso, nilaro 'yon sa yelo 'tsaka ininom.

"Naninibago ako sa inyong dalawa," hindi napigilan ni Almeyra ang sariling mapabulalas. **"Naninibago ako nang sobra-sobra!"**

"If you're going to stay here then you'll get used to it." Hindi ko alam kung hanggang kailan ko matatagalan ang pagiging sarkastiko ni Lovemir.

Something's wrong with Lovemir. This isn't the first time he's being sarcastic though he's not always like that also. Pero walang oras ngayon na hindi siya sarkastiko, anuman ang gawin o sabihin. Hindi tulad no'ng mga nakaraan na panay paghahabol ang ginagawa niya.

Mukhang ngayon ay okay na siya. Finally. I should be happy for him, right? Dapat ay maging masaya rin ako para sa sarili ko, sa tingin ko, dahil sa wakas ay wala nang mambubulabog sa 'kin.

Ngunit tama si Almeyra. Hindi ko nga maloloko ang sarili ko. Bagaman gano'n kaganda ang sinabi ng isip ko, hindi ko maitatangging may kurot akong naramdaman sa puso. Munting kurot na nagawang pangilirin ang luha ko nang gano'n kabilis. At dahil sa takot kong makita nila 'yon pinulot ko ang shot glass at nilaghok ang tequilla. Nagtaktak ako ng asin sa kamay at saka sinipsip ang lemon.

"Easy," natatawang ani Lovemir, sinamaan ko siya ng tingin. **"Baka malasing ka, walang maghahatid sa 'yo pauwi."**

"Psh! Parang mabilis naman akong malasing?"

"Well that depends on how and what you're feeling right now."

"And what you're trying to say is?"

"Nothing."

"Hey, you guys, please don't argue in front of my face?" nakasukong ani Almeyra. Sabay kaming nag-iwas ng tingin ni Lovemir pero narinig ko ang paghalakhak niya. **"God! I can't believe you guys. How did you turn out this way, huh?"**

"Shit happens, Almeyra. Bullshits are part of reality and life. Unfortunately, I'm alive and I live in it." Si Lovemir ang sumagot,

sarkastiko pa rin.

"And you let that shit ruin your relationship?" naging sarkastiko rin si Almeyra. **"Very impressing!"**

"If something is meant to be then it'll happen for the best reason, Almeyra."

"Psh. Kung magsalita ka, parang ikaw ang naiwan, ah?" hindi ko napigilan ang sarili kong magsalita. Syempre, pareho silang natigilan pero huli na para bawiin ko pa ang nasabi. **"Nakalimutan mo na yatang ikaw ang nang-iwan, Lovemir? The best reason why we were together was love, not until you left. But thank you though, because I realized that I can do so much more without you."**

"Now I'm curious how people claim to love and care about you and yet they replace you so quickly," sarkastiko niyang sabi, kinokontra ang mga sinabi ko.

"Enough, please," angil ni Almeyra. **"Stop arguing."**

"Just stating why I'm right, Almeyra," agad na sabi ni Lovemir.

Tumayo ako. **"I think I should go now. I don't want to ruin my mood. I'm looking forward to leaving this town for a few weeks."** Yumuko ako at humalik sa pisngi ni Almeyra. **"You're staying for two months, so I'll see you again next month. Happy birthday, Almeyra, I love you."**

Kabastusan man ay hindi ko na sila hinayaang magsalita pa. Nagdere-deretso ako palabas at agad na sumakay sa kotse. Nagmadali akong lisan ang lugar. Binuksan ko ang bintana, dahilan upang sumabay sa ihip ng hangin ang mga luhang pumatak mula sa mga mata ko.

I should've stopped you from leaving...damn you.

DEIB'S POV

Mahirap bang intindihin ang selos? Seloso ako. OA ako. Eh, ano ang magagawa 'ko, 'yon nga ako? Napakamanhid. Tch. Ako pa 'ata ang dapat na tawaging manhid dahil pinalalayo ko siya sa lalaking 'yon nang hindi iniisip na magiging mahirap 'yon sa kaniya? Tch! Hindi pa kami nagkakaayos ay gumawa na naman siya nang panibagong pag-aawayan! Tsk!

Ang sama ko nang loob ay nadagdagan at hinayaan ko 'yong lumipas ng isa, dalawa, tatlo, hanggang apat na linggo. Para sa 'kin ay kasalanan din niya dahil hinayaan niyang tumagal ang tampo ko nang gano'n katagal.

Naging abala ako sa mini project kung saan na-assign kami sa field para sa exposure. Bukod do'n ay may kani-kaniyang cardboard bridge project

ang bawat estudyante. Hindi naging madali ang lahat. Kinailangan naming sumailalim sa isang linggong training na sobrang nakakapraning. Dahil kulang na kulang ang mga araw para matutunan ang lahat ng bagay.

Sumama rin ako sa exhibit kung saan invited ang BIS. At lahat nang iyon ay naganap sa Manila, pumunta ako nang hindi sinasabi kay Taguro. Kung nalaman niya 'yon habang wala ako ay hindi ko alam.

Wala ni isa sa pamilya at mga kaibigan o kakilala man lang ang may alam sa kurso ko. Wala tuloy akong mahingan ng tulong. Pero kahit na gano'n ay talagang nalilibang ako, nakakapagod at kulang sa pahinga pero hindi ko man lang magawang magreklamo. Siguro dahil alam kong ito ang gusto ko at lalo ko na itong minamahal.

"You know what? Dumating tayo dito nang nakasimangot ka," tinig ni Eerah Anitha. Lumapit siya at naupo sa tabi ko. Nasa lobby kami ng tinuluyang hotel na huli na nang malaman kong pag-aari nila. **"Hindi ko akalaing hanggang sa pag-uwi ay nakasimangot ka pa rin. 'Buti naisasabay mo sa pag-aaral 'yan?"**

"Hindi ko isinasabay ang nararamdaman ko sa pag-aaral."

"Professional, huh?"

"Tch. Dahil sa huli ay ako lang naman ang mahihirapan kapag hinayaan kong maapektuhan ng away namin ng girlfriend ko ang ginagawa ko."

"I knew it," natawa siya kasabay nang pagbuntong-hininga. **"Away-bati pa rin kayo?"**

"Madalang kaming magkagano'n."

"Gaano ba kadalas ang madalang sa 'yo, Lohr? I mean, sa t'wing makikita ko kayo noon ay parati kayong nag-aaway, right? 'Yan na ba ang madalang sa 'yo? Funny."

"Malamang, ikaw ang dahilan nang pag-aaway namin noon. Tch."

"Eh, di madalas nga kayong mag-away? Madalas tayong magkita before, right? Hahaha!"

"Dahil parati kang sumusunod sa 'kin!"

"Ano ang magagawa ko? Nagustuhan talaga kita noon."

"Nagawa mo 'kong layuan, bakit hindi magawa 'yon ng asawa mo sa girlfriend ko?"

"Excuse me?" inosente niyang tugon, hindi ko malaman kung magagalit o matatawa.

"Panay ang buntot niyang asawa mo sa girlfriend ko. Kung dumikit siya ay walang limitasyon."

"Bakit hindi mo pagsabihan ang girlfriend mo kung gano'n? Kung hindi kayang umiwas no'ng isa ay bakit hindi siya ang gumawa?"

"Bale-wala kay Taguro ang paglapit ng kahit na sino. Ang inaalala ko ay ang iniisip ng asawa mo dahil hinahayaan lang siya ni Taguro."

"That's your girlfriend's fault, not Lovemir's? Bakit niya hinahayaang may lumapit pang lalaki sa kaniya gayong nakatali na siya?"

"Dahil wala siyang pakialam," masakit din para sa 'king sabihin 'yon.

"Walang pakialam sa mga lumalapit o walang pakialam sa 'yo?" natawa siya, kumunot ang noo ko. **"Kung ako ang tatanungin, bakit ako lalayo kung hindi naman ako pinalayo at wala akong makitang dahilan para lumayo?"**

"Tch. Wala kayong pinagkaiba ng asawa mo. Kahit pagsabihan ay nagmamatigas pa rin, ipinipilit ang gusto. Noon ay ikaw ang pinoproblema ko, ngayon naman ay ang asawa mo. Wala kayong pinagkaiba," angil ko.

Nakita ko kung paanong nawala ang ngiti sa mukha niya. Nagbaba siya ng tingin saka pilit na ngumiti.

"You don't know us well, you don't know anything about us. You have no right to say that, Lohr," mahinahon niyang sagot. Hindi nabago no'n ang inis ko. Lalo pa akong nainis nang bigla siyang tumawa. **"Kung ganyang nagsasawa ka na sa away-bati ninyo, eh, di..,"** nakangiwi siyang nagkibit-balikat. **"Makipag-break ka na sa kaniya."**

"Tch," sarkastiko ang paghalakhak ko. **"'Yan agad ang magiging desisyon mo?"**

"Kaysa naman puro ka reklamo?"

"Hindi ako nagrereklamo."

"Ano ang pwedeng itawag diyan sa mga actions mo, then?" natatawa pa rin siya.

"Apektado ako dahil mahal ko 'yong tao. Mahal na mahal ko 'yong tao."

"Cheesy," nag-iwas siya ng tingin pero makikita sa hitsura ang lungkot.

"Tch. We may argue and fight but at the end of the day, we're alright. It doesn't really matter if we argue this much, no worries. That means we both care, still, and do care for each other. I'll worry if

there's no more reasons to fight for because that would mean we care less, or care no more."

Tumingin siya sa 'kin nang matagal bago ngumiti. **"Mahal na mahal mo siya, 'no?"** tanong niya, inaasahan ko ay aasarin niya ako.

"Sobra," hindi ko alam kung saan nagmula ang emosyon ko nang isagot 'yon.

"Then that's the problem with you," tumawa siya pero seryoso. **"You love her too much. Be careful, Lohr. That too much can hurt you so much. Don't forget that you are special too."**

"'Yan mismo ang dahilan kung bakit ko siya minahal at minamahal nang sobra-sobra. Dahil parati niyang ipinapaalala sa 'kin kung gaano ako kaespesyal sa kabila nang sobrang pagmamahal."

Hindi siya nakasagot. Magsasalita na sana siya pero biglang natawa 'tsaka umiling nang umiling. Lumingon siya sa kung sino-sino, ngumiti sa mga ito saka muling umiling. Sa sandaling 'yon pakiramdam ko ay ako na ang pinakamatalinong tao. Sa iniasta niya ay para bang noon niya lang naunawaan kung gaano ko kamahal si Taguro.

Sa daan pauwi ay inisip ko kung paanong haharapin si Taguro. *Miss na miss ko siya, kung alam niya lang sana.*

Dumeretso ako sa bahay nang makabalik sa Laguna. Iniwan ko ang mga gamit at nagpaalam na pupuntahan sa BIS para magpasa ng project.

Ilang araw mo nang pinasasakit ang ulo ko, Taguro.

"Hoy, Enrile!" nangibabaw ang tinig ni Tob bago pa man ako makapasok sa BIS. Nilingon ko siya. **"Ngayon lang kita nakita, ah?"**

"Nag-training ako sa Manila."

"Bakit ganiyan ang hitsura mo?" Pinag-aralan niya ang mukha ko. **"Wala bang pang-ahit do'n sa Manila? Tumutubo na 'yang mga alagad mo sa mukha, oh?"** patungkol niya marahil sa bigote ko.

Natawa ako. **"Nakalimutan ko lang mag-shave kaninang umaga kasi nagmadali kaming umuwi. Kumusta?"** nagkwentuhan kami habang naglalakad papasok. Hindi pa man kami nakalalayo ay biglang umarangkada ang pamilyar na tunog ng mga motor. Napalingon ako sa pinanggalingan no'n.

"Woooh! Sarap ng umaga mo, nandyan na si Taguro!" bulalas ni Tob.

Nilingon ko si Taguro, nilingon niya rin ako bago nagtanggal ng helmet. Pero agad din siyang nag-iwas ng tingin na para bang wala na namang nangyari.

"Tara na," anyaya ko.

"Teka, bakit hindi pa natin sila hintayin?"

"Male-late ako sa klase," pagsisinungaling ko dahil wala akong klase.

"Ay..." Mukhang nakatunog na naman si Tob. **"Nag-away kayo, 'no?"**

"Tch."

"Naaay! Kalalaking tao—masiyadong maarte 'to, eh!"

"Manahimik ka nga."

"Hindi mo 'ko maloloko, 'dre! Panay ang punta niyan ni Max sa tertiary para tanungin kung nakabalik na kayo kaya alam ko! Psh! 'Wag mo sabihing kahit nando'n ka sa Manila ay hindi mo siya kino-contact?"

"Hindi."

Nagulat siya. **"Talagang hindi?"**

"Talagang hindi."

"Aba, matibay ka na ngayon, ah?"

"Siya ang may kasalanan, eh," inis kong sabi. **"Mauna na 'ko, kailangan ko pang ipasa 'to,"** ipinakita ko sa kaniya ang bitbit kong folder.

"'Oy, teka! Magkita tayo sa secondary at sabay na mag-lunch. Pupuntahan ko lang si Lee."

"Sige!" ang tanging sagot ko 'tsaka nagmadaling pumunta sa building.

Wala akong klase ngayon. Isinadya ko lang ang folder na ipapasa sa propesor. Syempre, naro'n na rin sa 'kin ang kagustuhang makita si Taguro.

Tch! 'Tagal kong naghintay para makita uli siya. Tapos siya ay parang wala man lang nagbago.

Naasar ako. Sa loob ng isang buwan na 'yon ay hindi ko siya kinontak at naging napakahirap no'n para sa 'kin. May mga sandali na kailangan ko pang awayin ang sarili kong kamay, pagalitan na parang bata, dahil hindi siya matigil sa kahahawak sa cellphone. Pero hindi ko inaasahang gano'n din siya sa 'kin, hindi ko akalaing tulad ko ay magagawa niya rin akong tiisin.

Grabe, walang pinagbago. Nagkamali ako nang isipin kong nagbago na siya at nabawasan ang pagiging manhid. Tch!

"This is good," papuri ng propesor matapos i-scan ang ilang pahina ng reaction paper ko. **"Thank you, Mr. Enrile, good job."**

"Thank you, sir," nakangiting tugon ko. Gusto kong sumuntok sa ere dahil sa tagumpay.

Dumeretso na ako sa canteen ng secondary. Ang inaasahan ko ay wala pa ro'n sina Taguro, maaga pa para sa lunch break nila. Nagkamali ako dahil nandoon na siya. Prenteng-prente siya sa pagkakaupo at mukhang nakikipagharutan kay Lovemir. Nakatingin sila sa isa't isa pero parehong nakatalikod sa gawi ko. Hindi nila napansin ang paglapit ko.

Matapos no'ng nangyari, Taguro...tsk tsk tsk. Magaling. Inuubos mo ang pasensya ko.

"Ang talino mo, 'no?" dinig kong ani Lovemir.

Tumango si Taguro. **"Pero minsan ay nagmamaang-maangan din ako para malinlang ang mga nasa harapan ko."**

Nakita kong tumaas ang kilay ni Lovemir. **"For real, why?"**

"Para hindi nila malaman ang mga sikreto ko," ngumiti si Taguro. **"Kapag hinayaan mo ang isang taong makilala ka nang lubos ay hindi na magiging mahirap para sa kanilang gamitin ang kahinaan mo..."** Tumitig siya nang todo sa kausap. **"Laban sa 'yo."**

"Wala kang tiwala sa tao?"

"Meron naman, pero piling tao ang pinagkakatiwalaan ko."

"Mahirap hulihin ang tiwala mo."

"Pero kapag ayaw ko sa isang tao ay wala akong dahilan para kausapin pa 'to. Mas mahalaga ang oras ko kaysa kung sino-sino."

"Ang yabang mo talaga, eh, 'no?" Natawa si Lovemir saka nag-iwas ng tingin. Si Taguro naman ay nanatiling nakatingin sa kaniya.

"Inborn, eh," 'ayun na naman 'yong paborito niyang linya. **"Kapag nag-apply nga ako ng trabaho ay ilalagay ko 'yan sa resume ko."**

Nilingon siya ni Lovemir. **"Saan, sa skills?"**

"Sa position." Lalo silang natawa.

"Profession mo ang kayabangan, Maxpein."

Tch. **"Eh, ikaw?"** hindi ko napigilan ang sumabat pero gusto kong matawa nang sabay silang lumingon nang hindi man lang nagugulat. *Kotongan ko kaya silang pareho? Tsk! Nakakabugnot!* Pareho silang walang reaksyon at para bang nakatingin lang sa walang kwentang bagay.

"Oh, nandyan ka pala?" ani Lovemir. **"Ugali mo ba talagang makinig sa usapan ng iba?"** natatawa niyang tanong. **"Anong profession 'yan?"**

Nakakainsulto ang mga tanong niya. Pero higit na nakakainsulto ang simpleng paghalakhak niya.

"'Sabagay, hindi mo na kailangang mag-apply. Baka ikaw na ang magmay-ari ng kompanya at kami ang aplikante mo."

"Kung ako ang may ari ng kompanya ay hindi ko kayo tatanggapin dahil pareho kayong taksil," hindi ko naitago ang inis at pagiging sarkastiko.

"Taksil? What a word." Humalakhak siya lalo. **"Ang sama naman ng tingin mo?"**

"Wala akong tiwala sa hitsura mo," ngumisi rin ako. Pero hindi gaya niya ay halatang napipikon ako.

"Itong gwapong mukhang ko, hindi katiwa-tiwala sa 'yo."

'Tibay! **"Saang banda ka naman naging gwapo?"**hindi ko naitago ang pandidiri sa boses.

Tumayo siya at hinarap ako. **"Nasa kabuuan ko,"** ipinakita niya ang sarili, gusto kong matawa. **"Hindi mo pa ba nakikita? Sino sa 'tin ang mas lapitin ng babae? Nasa dugo namin ang pagiging gwapo, Enrile."**

"Ah," tumango ako na parang naniniwala. **"Kaya pala hindi ko makita? Napunta sa dugo at wala sa mukha. Tch,"** sabi ko at saka sila tinalikuran. **"Magsama kayo, pareho kayong hambog."**

"Babe," habol ni Taguro. **"Saan ka pupunta?"**

"Magsama kayo ng mokong na 'yon," singhal ko 'tsaka siya tinalikuran.

"Gano'n na lang ba 'yon?" pahabol niyang tanong, natigilan ako. **"Sa gano'n na lang ba tayo matatapos—"**

Natigilan siya nang bigla akong lumingon. **"Anong natapos?"** inis ngunit mahina kong tanong.

"Isang buwan mo 'kong hindi kinausap."

"Pero wala akong sinabi na tapos na tayo, Taguro."

"May kasunod pa?" nanlulumo niyang tanong.

"Anong may kasunod pa?"

"Aawayin mo na naman ako?"

"Ibig kong sabihin ay magpapatuloy tayo."

"Sa pag-aaway?"

"Nananadya ka ba?" inis kong tanong. **"Kung nagtatanga-tangahan ka, Taguro, tumigil ka na. Hindi epektibo 'yan sa 'yo."** Ngumuso lang siya. Sumimangot ako. **"Ano, kumusta kayo ng lalaki mo? Masaya ka ba sa panlalalaki mo?"**

"Hindi naman ako nanlalalaki."

"Anong tawag mo ro'n sa napakinggan ko ngayon lang?"

"Kasalanan mo naman, mahilig kang makinig sa usapan ng iba."

"Ang hilig mo rin kasing magpahuli," pasinghal kong tugon. **"Hindi ba't sinabi kong tigilan mo na ang paglapit do'n?"**

"Iniwasan ko na."

"Iniwasan ka ba?"

"Hindi."

"Dumidikit pa rin sa 'yo? Matigas din naman ng mukha no'n, 'no? Kasalanan mo rin 'yan dahil hindi ka umiiwas!"

"Hindi rin."

"Tch."

"Nasa iisang section kami, babe, paano kong maiiwasan 'yon?"

"Sa dami ng babaeng dumidikit at naghahabol sa 'kin noon, ni isa ay walang naglakas-loob lumapit sa 'kin. Bakit hindi mo magawa 'yon? Dahil ba gusto mo rin?"

"'Wag mo sabi akong pagsasalitaan ng ganyan."

"Alam mong ayaw ko ng gano'n, Taguro, paulit-ulit mong ginagawa. Nananadya ka na."

"Bale-wala naman kasi sa 'kin 'yon."

"Para mo na ring sinabi na bale-wala ako sa 'yo, Taguro."

"Babe," humabol uli siya. **"'Wag ka nang magselos sa kaniya. Kailangan mong magtiwala sa 'kin."**

Tinitigan ko siya. **"May tiwala ako sa 'yo, Taguro. Pero nawawala 'yon dahil sa pagseselos ko."**

"Kaya nga 'wag ka nang magselos."

"Then stop talking to him. That's all I want, Maxpein. Ang gusto ko ay akin ka lang. Makasarili ako, oo. Ano ang magagawa ko? Ang gusto ko ay sa akin ka lang."

"Sa 'yo na nga, 'di ba?"

"Sa akin ka nga, bakit nagpapabakod ka ba sa iba?"

"Sa tingin mo ba talaga ay magagawa niya sa 'kin 'yon? Sa tingin mo ba ay hahayaan ko siyang gawin 'yon? Hindi ako gano'n, Sensui, maniwala ka sa 'kin."

"Kung gano'n ay bigyan mo 'ko ng isang magandang dahilan kung bakit kailangan mo siyang hayaan na dikitan ka nang ganiyan?" hamon ko. **"Taguro, tandang-tanda ko pa kung paanong naging**

mahirap para sa 'kin na lapitan ka. Pero bakit hinahayaan mo siyang dikitan ka ngayon? Anong lamang niya sa 'kin?"

"Wala," mariing sabi niya, kunot na kunot ang noo at animong punong-puno ng pagsisisi. **"Walang lalamang sa 'yo, Sensui. Kailangan ko ang tiwala mo, nakikiusap ako."**

"Nasaan ang dahilan do'n, Taguro?"

"Deib..."

"Nasaan?" angil ko. **"Alam kong alam mo kung paano mapapatigil ang ganitong nararamdaman ko. Naniniwala akong may dahilan ang lahat ng kilos mo. Ngayon mo sabihin sa 'kin kung ano ang dahilang 'yon para hayaan mo siyang lumapit nang lumapit sa 'yo?"** dere-deretso kong sabi. Hindi siya nakapagsalita, sandaling tumitig sa 'kin at yumuko. **"Hindi mo rin masabi?"** may kung anong galit na nabuhay sa dibdib ko. **"Ngayon mo sabihin sa 'king hindi siya lamang sa 'kin? Bakit may bagay kang nagagawa nang hindi ko alam para sa kaniya?"**

"May kailangan ako sa kaniya, okay?" sinisikap niyang maging mahinahon.

Natigilan ako. **"Ano ang kailangan mo sa kaniya?"**

"Hanggang doon lang ang pwede kong sabihin."

"Ano ang kailangan mo sa kaniya, Taguro?"

"Hindi mo man lang ba ako pakakainin?" walang ano-ano ay tanong niya.

Nagtaka ako at napatitig sa kabuuan niya. Doon ko lang napansin kung gaano kalaki ang nawala sa timbang niya.

"Baka gusto mo ring sabihin kung saan ka nanggaling? Hindi ka man lang magpaliwanag."May tampo sa tinig niya.

"Sa akin pa manggagaling ang paliwanag samantalang ikaw 'tong gumagawa nang kung ano-anong ikasisira ng araw ko."

"Wala naman kasi 'yon, 'yang isip mo ang marumi."

Nanlaki ang mga mata ko. **"Abnoy ka talaga."**

"Sorry na nga kasi," nakalabi niyang sabi. **"Ganyan ka na ba katagal bago magpatawad ngayon? Tss. Nagbabago talaga ang karelasyon habang tumatagal—"**

"Tigilan mo 'ko, Taguro."

"Sorry na, babe."

"Lalakero!"

"Hindi ako ganiyan, ah!"

"Oh, eh, ano ang tawag mo diyan sa ginagawa mo? Pambababae?"

"Tss. Isang bintang mo pa, tatadyakan kita."

"Ako na ang emosyonal na nasasaktan, ako pa ang pisikal mong sasaktan?"

"Grabe," pabulong niyang sabi.

"Ano, OA na naman ako? Eh, kung bawasan ko ang lahat ng dati kong ginagawa, ano ang mararamdaman mo?"

Lumamlam ang matapang niyang mata. **"Babe naman?"**

"Bago tuluyang mawala ang tiwala ko sa 'yo ay layuan mo na ang lalaking 'yon. Seryoso ako, Taguro."

"'Wag naman, ayaw kong mawala ka sa 'kin," seryoso niya 'yong sinabi. Seryosong-seryoso.

Nagulat ako na para bang hindi ko pa siya nakitang gano'n noon. Napalunok ako at napatitig sa kaniya. Natutuwa ako pero hindi ko magawang ipakita 'yon. Masyado akong namangha sa emosyon niya habang sinasabi at matapos sabihin ang linyang 'yon.

"Oo na," asik ko.

Mula sa pagnguso ay unti-unting lumitaw ang ngiti sa labi niyang miss na miss ko. Gusto ko siyang hapitin papalapit para yakapin pero hindi akma ang lugar na 'yon.

"Aalis na ako. Magkita nalang tayo mamaya."

"Saan ang punta mo?"

"Uuwi."

"Agad?"

"Wala akong pasok, may dinaanan lang ako dito."

"Ako?"

"Asa! Tch! 'Yong reaction paper ko ay ibinigay ko sa prof ko."

"Dinaanan mo pa rin ako kaya alam kong ako ang pinakadahilan kung bakit ka nandito," lintik ang pagmamalaki sa mukha niya nang sabihin 'yon.

"Mayabang ka kahit kailan."

"Sabi nga nila," nagmamalaki pang dagdag niya.

"Tch."

"Ililibre mo 'ko?" nakangisi niyang tanong.

"Oo."

"Saan?"

"Susunduin na lang kita, maghanda ka ng pandalawang-araw na damit."

"Ha?"

"Happy anniversary," nakangisi kong sabi saka tinalikuran siya. **"See you later, babe!"** kinawayan ko siya at saka ako nagpatuloy papalabas.

Batid kong nagulat siya dahil nakapag-celebrate na kami ng anniversary. Hindi ako kontento sa selebrasyong 'yon dahil sa mga nangyaring hindi kanais-nais. Naisip kong bigyan siya nang maayos na selebrasyon at gawing espesyal iyon.

Dumeretso ako sa mall at um-order ng roses. Kwintas na may nakaukit na pangalan namin ang regalo ko sa kaniya. Ipinasadya ko pa iyon sa Manila.

Kulang na kulang ang pahinga ko. Pero kapag naiisip kong ayos na kami ni Taguro at makakasama ko na naman siya ay natutuwa ako.

Hindi ko alam kung gaano ako katagal nakatulog nang makauwi pero maganda ang gising ko. Nakangiti kong inihanda ang mga gamit at isinakay sa kotse.

Wala man lang pagtanggi sa parents ko nang magpaalam ako. Syempre, panay ang habilin ni mommy na sinasagot ko naman bilang dispensa sa sarili. Gano'n din sina daddy at Manang kaya sa huli ay wala akong nagawa kundi ang makinig na lang.

Nakahanda na si Taguro nang marating ko ang kanilang mansyon. Hindi niya inaasahan ang bungkos ng rosas na ibinigay ko. Nakakahawa ang mga ngiti at kinang ng kaniyang mata.

Bagaman nakapagpaalam na ay muli kong ipinagpaalam si Taguro. Hindi kasindami ng sinabi nina mommy't daddy ang habilin ng mga Moon. Pero ang diin sa iilang salita nila ay tila banta.

MAX'S POV

"Kumain ka na?" tanong ni Sensui nang makarating kami sa Tagaytay.

"Hindi pa," agad kong sagot 'tsaka dinungaw mula sa likuran ang bag ko kung saan nakatali ang sweater ko. **"Malamig dito, 'no?"** Iginala ko ang paningin sa labas.

"Bakit hindi ka pa kumain?"

"Inaalala ko kasi ay baka maabutan mo 'kong hindi pa tapos mag-ayos, magreklamo ka na naman."

"Ginagawa ko ba 'yon?" natatawa niyang tanong.

"Oo, nang nakanguso," nakangiwi kong sabi.

"Sige, kumain na muna tayo," sabi niya na iniliko agad ang kotse.

"Oo, ililibre mo pa 'ko."

Agad kaming sinalubong ng mga waiter sa bungad palang ng restaurant. Um-order agad si Sensui. Nang pareho na kaming naghihintay na maihain ang mga pagkain ay pinakatitigan niya ako. Mabuti sana kung titig lang, ang kaso ay sinamahan niya 'yon nang pilyong ngiti. Ngingisi-ngisi sa kung saan na parang asong sira tapos ay titingin sa 'kin at mas ngingisi pa.

"Ano na naman?" angil ko. Pinandilatan niya ako habang nakangisi pa rin. **"Ano ang ingiingiti-ngiti mo?"**

"Wala naman."

"Tss."

"Napansin ko lang, nagiging komportable ka na yata sa mga damit na ganiyan, Taguro?"

Tiningnan ko ang sarili at nang muli akong mag-angat ng tingin ay nakangisi pa rin siya sa 'kin. **"Sana ay sinabi mong ayaw mo para nakapagpalit ako."**

"No, nagustuhan ko," bagaman nakangiti pa rin ay mas maayos na kompara kanina. **"Bagay na bagay sa 'yo. Dalagang-dalaga kang tingnan."**

"Tss. Ako ba talaga ang gusto mo o itong damit ko? Gusto mo rin bang mag-dress?"

"Bukod do'n 'pansin ko ay korni ka pa rin, Taguro. Tch. Ang pangit-pangit pa rin ng biro mo. Kilitiin mo nga ako, baka-sakaling matawa ako."Ngumiwi kaming pareho.

Sandali kaming natahimik nang i-serve ang pagkain. Kumalam ang tiyan ko nang makita at maamoy ang mga 'yon. **"Masarap!"** sabi ko nang matikman ang mainit na soup. **"Bagay na bagay sa panahon."**

"Kumain ka nang marami," nakangiting sabi niya at gano'n nga ang ginawa ko.

Kumain ako nang kumain hanggang sa mapansing nakatingin lang siya sa 'kin. **"Bakit hindi ka kumain?"**

"Busog pa ako."

Tumango ako. **"Kaya pala kaunti lang ang in-order mo. Kumain ka pa rin."**

Tumango siya at humigop sa sariling soup. Mayamaya ay muli siyang tumingin sa 'kin at tumitig. Gaya kanina ay panonoorin ako at saka ngingiti.

"Ano na naman ba?"

"What?" natatawa niyang tanong. **"Ang init ng ulo mo."**

"Kanina ka pa kasi tingin nang tingin sa 'kin tapos ngingisi. Anong problema mo?"

"Wala."

"Tss."

"Naisip ko lang—"

"Ang dami-dami kasing kalokohan diyan sa isip mo," singhal ko.

Natigilan siya at ngumuso. **"'Yan ka na naman, Taguro, ah?"**

"Tss. Bakit? Hindi ba?"

"Naiisip ko na mahigit isang buwan na mula no'ng huli kitang mahalikan. Kalokohan ba 'yon sa 'yo?"

"Bakit? Ano ba ang tawag diyan?"

"Pagmamahal!"

"Tss."

"Palibhasa'y hindi mo 'ko sineseryoso."

"Wow, ah? Kaya pala second celebration na natin?" Nakangiwi niyang inilahad ang pula at mahabang kahita sa akin.

"Ano 'yan?"

"Tingnan mo."

Napatitig ako sa kaniya. **"Sensui..."**

"Tch. Hindi engagement ring 'yan, Taguro, 'wag kang feeling."

Sumama ang mukha ko 'tsaka padarag na inagaw 'yon. *Bastos na 'to!* Nakanguso kong binuksan ang kahita at nang makita ang laman no'n ay lumiwanag ang mukha ko. **"Wow..."**

"Happy anniversary ulit," masaya niyang sabi, napatitig ako. **"Syempre, dahil sweet ka ay wala ka na namang regalo, 'di ba?"** sarkastiko niyang sabi, napanguso na lang ako. **"Thank you,"** mariin at sarkastiko niyang dagdag.

Tsk! Wala na naman akong regalo. Gusto kong manlumo pero hindi iyon ipinahalata. **"Hindi ko naman alam na magkakaroon tayo ng ikalawang selebrasyon."**

"It's fine. Iisipin ko na lang kung gaano katagal ang magiging pagbawi mo mamaya sa isang buwang pagtitiis ko nang hindi nararamdaman ang labi mo sa labi ko, Taguro."

Nanlaki ang mga mata ko. **"Ako? Bakit ako ang hahalik sa 'yo?"**

"Okay. Eh, di ako ang hahalik sa 'yo," muli siyang ngumisi. **"Hinihintay ko lang naman ang permiso mo,"** dagdag niya 'tsaka sunod-

sunod na sumubo. Hindi ko alam kung bakit ang simpleng linyang 'yon ay nagdulot ng kung anong kiliti sa sistema ko. Kung kilig ang tawag do'n ay ewan ko.

Wala pang kinse minutos ay natunton namin ang Polo Voirè Hotel. Isang five star hotel sa Tagaytay na pag-aari ng mga Rewis. Full accomodation ang regalo ni Chairman Rewis kay Sensui. Mas higit pa ro'n ang pakikitungong natanggap namin sa mga crew na umasikaso sa 'min. Sa 8th floor ang kwarto, inihatid kami ro'n ng bellboy at itinuro ang mahahalagang parte ng kwarto.

"Hindi ko alam na iisang kwarto lang pala tayo?" mayamaya'y tanong ko habang inililibot ang paningin sa napakalaking kwarto. Mukhang hihingalin ako sa sobrang laki no'n kapag naglakad ako kaya mata na lang ang iginala ko.

"Pwede kitang kunan ng sarili mong kwarto kung gusto mong mag-solo."

"Hindi na. Mas gusto kitang makasama dito," nakangiting sabi ko.

Nakasandal lang si Sensui sa malaking cabinet, magkakrus ang parehong braso at deretsong nakatingin sa 'kin. Nakangiti siya sa 'kin at sa oras na 'yon ay gusto kong malaman kung ano ang iniisip niya.

Ano ba ang kangiti-ngiti sa hitsura ko sa lintik na 'to? Tss. **"May problema ka ba sa 'kin?"**

"Ang ganda mo, 'yon lang."

"Problema na 'yon sa 'yo?"

"Oo, dahil gusto kitang lapitan ngayon diyan sa kinatatayuan mo para lang halikan. Masaya na 'ko ro'n, Taguro."

Hindi ako sumagot, tinitigan ko rin siya at pilit na isinantabi ang hiya. **"Gawin mo,"** inosente kong sinabi.

Nawala ang ngiti sa kaniyang mga labi. **"'Wag mo 'kong hamunin, alam mong 'yan ang kahinaan ko,"** muli siyang ngumisi pero hindi na ako nagsalita.

Dumilim ang mukha niya, tinitimbang ang sinabi ko. Tiningnan ko lang siya, inosente. **"Seryoso ka, Taguro?"**

"Hindi naman ito ang unang beses na hahalikan mo 'ko, 'di ba?" bago ko pa man mabawi ay nasabi ko na 'yon. *Ano ba ang mga pinagsasasabi ko?*

Napatitig kami sa isa't isa. Bigla ay parang nabalisa siya. Ang parehong hintuturo niya sa magkabilang kamay ay kinukutkot na ang hinlalaki niya

na para bang hindi malaman ang gagawin. Nangibabaw ang katahimikan sa pagitan namin hanggang sa umiling siya at bawiin ang tingin. Narinig ko pa maging ang pagbuntong-hininga niya saka kinuha ang maleta naming dalawa.

"Ayusin mo na muna ang gamit mo. Mamaya ay aakyat tayo sa rooftop para mag-dinner. Ipinahanda ko ang lugar doon para sa celebration nating dalawa," dere-deretso niyang sabi 'tsaka pumasok sa kaisa-isang kwartong nasa loob ng suit na 'yon.

Pakiramdam ko naman ay nahugot ko ang sariling hininga. Tumalikod ako sa pinanggalingan niya at lumabas sa veranda. Sa sandaling 'yon ay para bang hinanap ko ang dati kong bisyo, kung meron lang sana akong baon ay paniguradong kakalma ako.

Sininghap ko ang napakalamig na hanging ibinubuga ng tanawin. Wala akong makita kundi ang maliliit na ilaw mula sa malalayo. Wala rin akong marinig bukod sa malakas na ihip ng hangin. Panay puno ang natatanaw ko sa malapit at ang karamihan ay pawang parte na ng hotel.

Maglalakad na sana uli ako papasok nang matigilan, papalapit na sa 'kin si Sensui. At dahil hindi ko malaman ang gagawin, kung tatalikod ba o sasalubungin ang kaniyang tingin, napasandal na lang ako sa balkon. Lalo akong hindi nakakilos nang muli niya akong kornerin. Ipinangko niya ang magkabilang kamay sa balkon, sinasakop ang pribadong espasyo ko. Sa gano'ng posisyon ay tinitigan niya ako nang pagkalapit-lapit na halos ikaduling naming pareho. Seryosong-seryoso ang mga mata niya na para bang gusto lang no'n na tingnan ako. Kumalma lang ako nang sapuhin niya ng parehong kamay ang mukha ko at halikan ako sa noo. Mariin ang pagkakahalik niya na para bang sabik na sabik na makasama ako. Nakapikit kong ninamnam ang simpleng halik. Nagmulat ako nang kunin niya ang kamay ko at ihaplos sa kaniyang mukha. Siya naman ang napapikit sa sandaling 'yon, kusang inihahaplos ang palad ko sa kaniyang mukha. Tinitigan ko siyang gawin 'yon, sa sarap ng pakiramdam ay hindi ko naiwasang mapangiti.

"I still fall for you everyday, babe," mahina niyang sinabi. **"No'ng nasa Manila ako ay wala akong ginawa kundi tumingin sa mga bituin,"** aniyang nakapikit. Nang magmulat ay agad nagsalubong ang aming tingin. **"Ngayon ay ikaw na ang kumikinang sa mga mata ko."**

Hindi ko alam kung ano ang isasagot, nag-aalala akong baka masira ang moment niya.

"At ayaw kong may hinahayaan kang tao na lumapit sa 'yo kagaya nang ginagawa ko. Sa simpleng bagay na 'yon ay nagseselos ako, Taguro. Ayaw kong may ibang taong nakapagpapatawa sa 'yo. Pakiramdam ko kasi anumang oras ay mahihigitan ng iba ang paraan ko ng pagpapasaya."

Wala akong nasabi. Hindi ko alam kung paanong ipaliliwanag na ang pakikipag-usap ko sa lalaking 'yon ay may dahilan. Sinabi ko nang may kailangan ako sa lalaking 'yon pero alam kong hindi 'yon sapat para mawala ang pagseselos niya.

Natural na 'yon sa isang Sensui. Ang magselos sa lahat ng lalaking didikit sa mahal niya.

Napangiti ako sa sarili kong naisip. Masarap pala sa pakiramdam 'yong ipinagdadamot ka niya at kakausapin sa mahinahong paraan. Hindi tulad no'ng nakaraan na kulang na lang ay tawagin niya akong bayarang babae dahil sa sobrang galit niya. Mas gusto ko ang paraan niya nang pakikipag-usap ngayon, nando'n ang pakikiusap at respeto.

"Maghahanda na ako para sa dinner. Asikasuhin mo na muna ang sarili mo," habilin niya. Tumango ako.

Pareho kaming napapikit nang magdampi ang mga labi. Sabay rin kaming nagmulat, sumipol siya saka ngumiti.

"I'm very much attracted to you in ways I can't explain. Just...damn it." Nakakahawa ang magandang ngiti niya.

Tinapik niya ang braso ko bago ako tinalikuran. Kumaway siya sa 'kin bago lumabas ng hotel room. Nakangiti kong pinagmasdan sa salamin ang dress na isusuot. Salamat sa tulong ni Yaz, natuto akong mamili ng damit na babagay sa katawan at kulay ko.

Nang makabalik ay naunang maligo si Sensui. Napangiti ako nang makitang inahit niya ang mga tumubong bigote sa mukha niya.

"Gwapo ka na ulit."

"Gwapo namang parati."

"Ulit."

"Parati."

"Ulit."

"Parati," masama na ang tingin niya. Sumimangot ako. **"Dumaldal ka na nang dumaldal ngayon, Taguro. Dahil mamaya ay iisa na lang ang galaw ng labi mo at labi ko,"** ngumisi siya 'tsaka isinenyas sa 'king lumabas.

May kung ano akong nararamdamang excitement sa dibdib ko habang naliligo. May kung anong kiliting dulot sa 'kin ang katotohanang kasama ko siya. Kahapon lang ay nanlumo ako matapos malamang hindi pa siya nakakabalik. Ilang linggo naming tiniis ang isa't isa. Pero lahat nang tampo na namuo sa dibdib ko ay natunaw nang makita ko siyang ngumiti.

Hindi ako nagmadaling maligo pero nang makalabas ako ay wala na si Sensui sa kwarto. Nakapagbihis ako nang ayos at inayusan maging ang mukha. Nagwisik ako ng perfume at excited na lumabas.

Hindi ko napigilang kiligin nang makita kung gaano ka-romantic ang dinner na inihanda ni Sensui. Malawak ang espasyo pero pandalawahang mesa lang ang makikita bukod sa tatlong musikerong nasa tabi. Inalalayan niya akong paupo saka siya naupo sa harapan ko. Nakangiti niyang inayos ang sariling coat 'tsaka pumitik sa waiter na paglapit ay agad kaming sinalinan ng wine. Nakangiwi akong tumango-tango, gusto kong matawa dahil kung ano-ano ang naiisip niya.

"Gaano mong katagal na pinaghandaan 'to?" tanong ko.

Sumimangot agad siya. **"Kanina ko lang naisip no'ng papauwi ako."**

"Okay."

"Ang sweet ko, 'di ba?"

"Medyo."

"Medyo? Wow."

"Eh, di sobra. Tss, hindi naman na ito ang unang beses na ginawa mo 'to. Salamat sa effort."

"Alam mo na kung ano ang gusto kong kapalit." Ngumisi siya matapos sabihin 'yon.

"Tss. Pwede mo na bang sabihin sa 'kin ngayon kung bakit hindi mo 'ko tinawagan no'ng umalis ka?"

Tumingin siya sa 'kin 'tsaka bumuntong-hininga. **"Dahil nagalit talaga ako sa 'yo no'n. Hindi ko gusto 'yong ginawa no'ng Lovemir na 'yon sa 'yo. Nilapitan ka niya nang sobrang lapit, Taguro. Kitang-kita ko,"** itinuro niya pa ang dalawang mata. **"At alam mo kung ano 'yong mas nakaka-badtrip? 'Yong hinayaan mo siya."**

"Hindi ko rin naman inaasahang gagawin niya 'yon," kunot-noo kong sabi.

Ngumiwi siya, hindi naniniwala. **"No'ng unang beses niyang ginawa 'yon, paniniwalaan ko pa 'yang dahilan mo. Pero 'yong hinayaan mo**

siyang gawin 'yon sa ikalawang beses? Tch. Lokohin mo ang lelang mo, Taguro."

"Kaya tiniis mo 'ko?"

"Dahil parati mo na lang binabale-wala ang nararamdaman ko."

"Pambabale-wala na ba agad 'yon?"

"Well, for me, yes," sarkastikong sagot niya. **"Pero dahil manhid ka, bale-wala lang uli sa 'yo 'yon."**

"Hindi naman kasi gano'n 'yon."

"Taguro, hindi mo naiintindihan, eh," mahinahon niyang sabi. **"Hindi ka kasi nalalapitan basta-basta nang kung sino-sino. Ang hindi ko maintindihan kung bakit 'yong Lovemir na 'yon ay hinahayaan mo?"**

Kahit ayaw kong magtalo kami sa gabing 'yon ay gusto kong marinig ang side niya. Gusto kong marinig ang hinanakit niya kung meron man.

Pero paano ko ipaliliwanag ang side ko nang hindi sinasabi sa kanya ang totoo? Kung sasabihin ko naman sa kaniya, pwede niya bang isekreto na lang 'yon? Tss.

"May kailangan ako sa kaniya, 'yan ang totoo."

Sumeryoso siya 'tsaka tumitig sa 'kin. **"Pwede ko bang malaman kung ano ang kailangan mo kay Lovemir? At kinakailangan ba nang kailangan mong 'yan ang palapitin siya nang gano'n kalapit?"**

"Kailangan kong makuha ang tiwala niya."

"Tiwala, bakit?"

Napalunok ako nang mahirapang magpaliwanag. Hindi pa man ako nakakasubo ay nawalan na ako ng ganang kumain. Hindi ko inaasahang sa gano'n mauuwi ang romantic dinner na inihanda niya.

"Saka mo na lang alamin."

Bumuntong-hininga siya. **"Hindi ka nga pala nagsasabi ng sikreto,"** mapakla niyang sinabi 'tsaka kami nagsimulang kumain.

Naging tahimik ang pagkain namin, hindi ko 'yon inaasahan. Ang kaninang romantic dinner na lumusaw sa puso ko ay parang nagyeyelo na sa lamig ngayon. Para bang pareho kaming okupado ang isip kaya parehong walang oras na magsalita.

Nagsimulang tumugtog ang tatlong musikero pero wala akong naririnig sa mga inaawit nila. Naglayag ang isip ko at hindi ko alam kung saan ako dadalhin no'n.

Sa huli ay parang walang nangyari sa romantic dinner. Nakapanlulumo dahil tahimik kaming bumalik sa kwarto. Naupo agad siya sa mahabang

sofa at inihilig ang ulo. Naninibago ako, hindi siya dating ganito.

Bigla ay naging emosyonal ako sa hindi maintindihang dahilan. **"Magbibihis muna ako."**Hinawakan niya ang kamay ko matapos siyang talikuran.

"Kahit hindi tayo mag-usap...basta nandito ka lang sa tabi ko," mahinahong sabi niya habang nakapikit. Napatitig naman ako sa kamay naming magkahawak.

"Naranasan mo na ba 'yong kahit may iba kang ginagawa, naiisip mo pa rin kung ano kaya ang ginagawa ng mahal mo?" mahinahon niyang tanong, 'tsaka palang nagmulat ng mata at tumingin sa akin. **"Ano ba ang ginawa mo sa 'kin, Taguro? Isang taon na tayo pero parang lalong lumalala ang nararamdaman ko,"** seryoso talagang aniya.

Hindi ko naman malaman kung ano ang isasagot. **"Kung pwede lang sanang magkasama na lang tayo parati."** Mapait siyang ngumiti sa huli.

"Kaso, eh, hindi," mariin kong sinabi. *Ano ba? Bakit ka umiiyak? Tsk! Mukhang tanga!* Hindi ko maintindihan ang sarili kung bakit mabilis na ngilid ang luha ko. Naging mas mabilis pa ang pagpatak ng mga luha ko.

Napaigtad ng bangon si Sensui at hinawakan ako sa magkabilang pisngi. **"Umiiyak ka ba, Taguro?"**

"Hindi."

"Umiiyak ka."

Iniiwas ko ang mukha ko. **"Hindi nga."**

"Babe...bakit ka umiiyak?"

"Hindi nga sabi ako umiiyak." Muli akong nag-iwas ng tingin.

"Umiiyak ka, Taguro. Sabihin mo sa 'kin kung bakit?"

"Napuwing lang," pinahiran ko ang mata ko.

"Tch! Sa sobrang yabang mo--pati alikabok ay naiilagan mo, Taguro! Sabihin mo sa 'kin kung bakit ka umiiyak?"

"Dahil hindi kita maintindihan ngayon," angil ko. Natigilan siya at napatitig sa 'kin. **"Paano mo 'ko nagawang tiisin ng ilang linggo, ha? Nag-set ka ng romantic date para i-celebrate ang anniversary natin pero parang walang nangyari? Tapos ngayon ay para kang nagyeyelo, sobrang lamig nang pakikitungo mo."**

Kinalma ko ang sarili. Ayaw kong umiyak at mauwi sa paghikbi. Hindi siya sanay na makita akong gano'n. Ayaw kong makita niya akong gano'n.

"Ano ba ang nangyayari sa 'yo? Dahil ba 'to ro'n sa nakita mo sa 'min ni Lovemir? Hindi ko nga alam kung bakit niya ginawa 'yon.

Sana ay hindi ako ang sinisisi mo, 'di ba? Siya ang gumawa no'n, katawan niya 'yon. Kung alam kong gagawin niya 'yon ay pinigilan ko na bago mo pa makita."

I'm talking gibberish and acting like a child. Inilingan ko ang sarili. Alinman sa mga sinasabi ko ay hindi nasasagot ang tanong at ikinasasama ng loob niya. Iyon ay kung bakit ko hinayaan si Lovemir.

"Tsk," umiling siya 'tsaka bumuntong-hininga. **"Okay, I'm sorry."**

"Nagawa mo na akong tiisin, eh, ano pa ba ang magagawa ko?"

"Bumabawi na nga ako, 'di ba?"

"Hindi ko lang matanggap kung paano mong nagawa 'yon. Pakiramdam ko ay nagbabago ka na."

"Ano? Hindi."

"Tapos si Eerah Anitha pa ang kasama mo ro'n? Malay ko ba kung ano ang nangyari ro'n at ganiyan ang trato mo sa 'kin ngayon. Kanina ka pa Taguro nang Taguro. Babe nga kasi."

Nanlaki ang mga mata niya at natigilan. **"Babe nga..."**

"Tss."

Sandali siyang natahimik. **"Kung gano'n, may karapatan ba akong sulitin ang oras natin ngayon?"** Tumitig siya sa mga mata ko. Napalunok ako. **"Gusto kong bawiin sa sandaling 'to 'yong mga oras na ikaw dapat ang kasama ko."**

Hindi niya na ako hinayaang magsalita. Agad niyang inilapit ang mukha sa 'kin at ginawaran ako ng halik.

Hindi pa man nagtatagal, ang mababaw niyang halik ay naging malalim. At ang lalim no'n ay nakakalunod. Ang akala kong imposible ay naging posible nang magawa kong gantihan ang halik na 'yon. Hinayaan ko siyang halikan ako sa malalim na paraan nang hindi ko alam ang dahilan, wala akong dahilang mahita sa isip ko. Alam ko kung gaano ko pinanabikan ang sandaling mahalikan muli namin ang isa't isa.

"Nabubuhay ang dugo ko kapag nararamdaman ko ang labi mo, Taguro."

Hindi ko man lang naramdaman nang bitiwan niya ang labi ko, nanatili akong nakapikit at ninanamnam ang huling sandaling magkalapat ang aming labi.

Ilang saglit pa ay muling dumampi ang labi niya sa labi ko. At namalayan ko na lang inihihiga niya na ako sa malawak na sofa na siyang kinasasadlakan niya kanina. Hinayaan ko pa rin siya, aaminin kong gusto

ko rin 'yon. Pakiramdam ko sa isang iglap ay nawala ang tampo ko. Tampo na pinatagal ko nang hindi ipinapaalam sa kaniya kaya parang bombang sumabog na lang basta kanina.

Halos habulin ko ang labi niya nang huminto siya sa paghalik. Agad akong nagmulat ng mga mata at napalunok nang makita ang madilim niyang mga mata. Pero agad akong kinilabutan nang ang tingin niyang 'yon ay bumaba sa labi ko papunta sa leeg ko hanggang sa makarating ang mga mata niya sa dibdib ko. Sunod-sunod ang naging paglunok ko at namalayan ko na lang ay bumibilis ang paghinga ko.

Ano ang gagawin niya?

Kumabog sa kaba ang dibdib ko nang maramdaman ang kamay niyang unti-unting tinatanggal ang butones ng blouse ko. Gusto kong pagalitan ang sarili ko nang wala akong maramdamang pagpoprotesta, ang buong sistema ko ay hinahayaan lang siya dahil gusto rin nito. Nang sa wakas ay tumambad sa kaniya ang dibdib ko ay nagtamang muli ang paningin namin. Ngunit bago siya magsalita ay naramdaman ko na ang kamay niya ro'n.

Napapikit ako at bahagyang napaigtad pero hinawakan niya nang mahigpit ang kamay ko.

What the hell are you doing? Why aren't you doing something, Maxpein?

Gusto kong pitikin ang sarili ko, baka-sakaling magising ako. Pero walang nangyari. Sa huli ay hinayaan ko lang uli siya. Hanggang sa maramdaman ko na nang lubusan ang kamay niya sa dibdib ko.

"You're a temptation. I can resist everything except you," namamaos niyang sabi saka ibinaba ang labi sa dibdib ko.

Nakagat ko ang labi sa nakakukuryenteng pakiramdam. Nanindig ang mga balahibo ko. Nanlambot ang aking mga tuhod, hindi malaman kung saan hahawak nang maramdaman ko ang nakakikiliti niyang dila. Naghahalo ang kiliti, sarap at hiya, pumapabor sa mapusok na pakiramdam.

Kasabay nang panlalaki ng mga mata ko ay ang pagsinghap ko ng hangin. Ngunit bago ko pa mahugot pabalik ang hininga ay bumitiw siya. Doon ako napapikit at napigilan ang aking paghinga. Dali-dali niyang ibinutones muli ang damit ko, halatang kabado rin dahil nararamdaman ko ang panginginig ng mga kamay niya.

"I licked it. So it's mine," aniya saka binuhat ako.

Hindi ko magawang makapagsalita hanggang sa ihiga niya sa kama. Magsasalita pa sana ako pero hinalikan niya na ako sa noo.

"Goodnight, my princess. I love you." Iyon lang at tinalikuran niya na ako, ipinatay ang ilaw at saka lumabas ng kwarto.

What the hell was that? Napatitig ako sa pinto. *What the hell was that, Maxpein?* Kumunot ang noo ko at mas napatitig pa hanggang sa manlabo ang mga mata. *Hindi na ako virgin?*

OceanofPDF.com

CHAPTER 198

NAIH'S POV

NAKAKUNOT ANG noo ko, nakangiwi, habang pinapanood si Maxpein na nakapamulsang palakad-lakad sa sala. Noong una ay natitiis ko pa siyang panoorin hanggang sa magsawa na rin ako.

"Pwede bang pumirmi ka?" singhal ko. Natigilan siya. **"Ikasi-sexy ba ng lahat ang paglalakad mo diyan? Ikayayaman ba ng mahihirap ang pagsimangot mo diyan? Ikatatalino ba ng lahat 'yang matinding pag-iisip mo?"**

"Tss."

"Anong trip ba 'yan, Maxpein?"

"Alin?"

"Iyan!" Itinuro ko siya. **"Kanina ka pa palakad-lakad na para bang problema mo ang problema ng Pangulo. Kung makasimangot ka ay parang ikaw na ang pinakanagdurusang tao sa mundo."**

"Tss. OA ka kahit kailan."

"Ano ba ang nangyayari sa 'yo?" nakapamaywang kong tanong.

Hindi siya sumagot. Napabuntong-hininga siya at lumapit sa 'kin. **"Ano kasi..."** Wala siyang nasabi.

"Ano?" pasinghal kong tanong, napabuntong-hininga uli siya. Sandali ko siyang tinitigan. **"Umamin ka nga sa 'kin? Pumasok ka na naman ba sa gulo, Maxpein?"**

"Hindi. Tss."

"Eh, bakit nagkakaganyan ka? Kung makapag-isip ka ay parang pinagpaplanuhan mo na ang paghihiganti? "

"Tss. OA ka kasi. Sa mga OA na katulad mo ay natural 'yan."

"Oo, OA na kung OA! Pero 'wag mong iniiba ang usapan! Ano ang nangyari?"

Tumitig siya sa 'kin. **"May ano kasi..."** Binitin niya na naman ang gustong sabihin.

Naglapat ang labi ko. **"King ina, ano? Maghuhulihan pa ba tayo ng dila dito para malaman ko 'yang takbo ng utak mo? Ano ba 'yon?**

Sabihin mo na sa 'kin!"

Bumagsak ang mga balikat niya kasabay ng pagbuntong-hininga. Luminga siya sa paligid saka isinunggab ang mukha sa 'kin. **"Si Sensui kasi..."**

Nanlaki ang mga mata ko. **"Nambababae?"**

"Hindi! Tss! Hindi 'yon."

"Sabi mo, may ano, eh! Ano ba kasi? 'Lakas mong maka-suspense, ah!"

"May nangyari sa 'min," pahina nang pahina niyang pag-amin.

Napanganga ako at literal na malaki ang pagkakabuka ng bibig ko. Halos tumulo ang laway ko sa tagal no'n at napigilan lang 'yon nang huminga ako nang sunod-sunod. **"Pakiulit mo nga ang sinabi mo?"**

"May nangyari sa 'min ni Sensui."

"Ano?" pabulong kong bulalas.

"May nangyari sa 'min ni—"

"Ano ka ba? Bakit ka pumayag?"

"Pumunta ka ro'n sa 'taas at doon mo isigaw, king ina ka. Sige, ilakas mo pa," palag niya.

Lumapit ako. **"Bakit ka pumayag?"** Hindi siya nakasagot. **"Bakit ka pumayag, Max?"** Naihilamos ko ang parehong kamay mukha saka hindi makapaniwalang tumitig sa kanya. **"My God, Max, alam niyo pa ba ang ginagawa niyo? Tsk! Malamang—hindi! 'Yan na nga ba ang sinasabi ko, eh! Nasasanay kasi kayong natutulog nang magkasama! Kung bakit naman kasi...pwede naman kayong mag-date nang hindi natutulog sa iisang kama. Pwede kayong magsama nang umuuwi rin agad kapag gabi na."**

"Hindi naman kami nagtatabi."

"Kahit pa, 'no! Madalas kayong umalis nang kayo lang! Mabuti pa no'ng una, eh, magkakasama tayo—tapos libre mo! 'Tsaka napapadalas na kasi talaga, Max. Napapansin ko 'yan. Hindi na lang ako nagre-react kasi alam ko namang may disiplina ka sa sarili mo. Naku! Kung sa mommy ko, hindi pwede 'yan! Pero hindi na tayo dapat na nagsisisihan pa dahil nangyari na. Nandyan na 'yan."

Pakiramdam ko dinaganan ako nang pinakamalaking problema sa mundo. Parang gusto ko tuloy ipagpatuloy ang pagparoo't parito niya.

"Ikaw lang naman ang naninisi," nakangiwing aniya.

Pinandilatan ko siya. **"So what's your plan? Did he say anything?"**

Nagulat ako nang mabilis na mangilid ang mga luha niya. **"Kanina paggising ko ay handa na siya pauwi. Hinintay niya lang akong makapagbihis tapos umalis na kami. Nag-agahan kami sa labas pero hindi na namin napag-usapan pa ang tungkol doon. Ni hindi na nga siya nagsalita masyado,"** napapahiya niyang sabi. **"Kung ako man ang tatanungin, hindi rin 'ata ako handang pag-usapan namin 'yong nangyari kagabi. Nahihiya ako."Nagkandautal-utal ang hambog.**

"Wow! Kanina ka lang nahiya? Kung kailan may nangyari na? At saka ano ang nakakahiya ro'n? May karapatan kang magsalita tungkol do'n dahil ikaw ang babae. Ikaw ang nawalan. Ikaw ang naagrabyado dito, Max. Hindi ka dapat nahihiya at ikaw dapat ang pumapalag. Dapat ka lang pumalag. Kaysa 'yong ganiyan na magrereklamo ka't mag-aalala kung kailan tapos na," asik ko.

"Hindi naman ako nagrereklamo."

"Psh! Hindi? Ano 'yang inarte mong 'yan kung gano'n?"

"Hindi ko rin kasi alam kung ano ang sasabihin ko," mukha siyang problemadong-problemado.

"Eh, di pag-usapan ninyo? Dapat lang na pinag-uusapan ang bagay na 'yan. Ano? No'ng ginagawa niyo 'yon—walang hiya-hiya? Kung kailan tapos na saka kayo magkakahiyaan? Kalokohan! Sana habang ginagawa niyo 'yon, eh, inisip mo kung ano ang kahihinatnan! Grabe! Sana tinanong mo siya kung ano na ang plano ninyo? Gano'n! Hindi 'yong—king ina, ano? Touch and run? Ulul siya!"

"'Yang bibig mo, 'wag ka ngang maingay?" sita niya pero hindi ko siya pinansin.

"Paano kapag may nabuo diyan?"

Umiling siya nang umiling. **"Hindi. Hindi. Alam kong walang mabubuo."**

"At paano ka nakasisiguro?" pinandilatan ko siya.

"Nangyayari lang 'yon kapag nag-meet ang similya niya at itlog ko," aniya na seryosong-seryoso, pinaiiral ang katalinuhan matapos magpakatanga.

Nalaglag ang panga ko. **"Ha!"** Gusto kong matawa. *At talagang naisip niya pa 'yon, ah? Henyo!* **"Hindi! Wala akong tiwala diyan sa bibig mo, eh!"** Dinuro ko pa ang labi niya. **"Alam mo, matalino ka, ngayon ka lang naging tanga! Hindi ko akalaing papayag ka sa gano'n, Max. Oo, mahal mo siya. Oo, mahal ka niya. Oo, masaya kayo. Oo, satisfied at**

kontento kayo sa isa't isa. Oo, mayabang ka at siya naman ay gwapo—pero, Max...mali, eh. Maling-mali! Alam mo bang iyan na lang ang meron ka?" Hindi siya nakasagot sa 'kin. **"'Yon na lang ang pwede mong ipagmalaki sa kaniya pagdating nang tamang panahon."**

Lalo syang nangamba, nangingilid ang mga luha pero hindi umiiyak. *Mayabang pa rin ang king ina, eh! Nalagasan na nga ng kaluluwa! Psh!* **"Anong gagawin ko?"** tanong niya.

Kinuha ko ang kamay niya. **"Halika! Susugurin natin si Sensui—"**

"'Wag!" agad niyang palag.

"Anong 'wag? Ano, duwag? Ngayon ka naduwag? Eh, ang tapang-tapang mo, 'di ba? Nasa'n ngayon ang tapang mo, Maxpein?"

"Hindi lang naman tapang ang kailangan ngayon dito, Naih," problemado pa ring aniya.

"Pero isa 'yon sa kailangan mo ngayon kaya tara na!"

"Ano ang sasabihin natin sa kanya?" nag-aalala niyang tanong, nainis ako. **"Paano kung magalit siya sa 'kin dahil sinabi ko sa 'yo? Dapat ay sa 'min lang 'yon, Naih, hindi dapat sinasabi sa iba 'yon."**

"Pero hindi rin dapat ginagawa ng magnobyo 'yon! Mag-asawa lang ang gumagawa no'n! 'Wag kang bida!" asik ko, napanguso siya. **"Hindi mo naman sasabihin sa 'kin 'yan kung hindi ka natatakot at nagsisisi. Inosente pa kayong pareho. Pare-pareho tayong inosente pero bukod sa maganda ako ay matalino rin ako! Ako lang yata sa 'tin ang nakakaalam na hindi dapat ginagawa 'yon nang hindi kasal. Ang tanga mo naman."**

"Kasalanan naman naming pareho," nag-aalala ang mga mata niya.

"Nando'n na 'ko, eh, pero bakit hindi siya nagpigil? Siya 'yong lalaki, Max. Maiintindihan ko 'yong katangahan mo—kesehodang mayabang ka! Sabihin na nating may kakayahan ka. Malakas ka pero hindi ka bakal, Max. Tao ka! May kahinaan ka rin gaya ng ibang tao. At pagdating sa ganyang bagay ay ikaw 'yong mahina. Kaya sana ay hindi niya sinamantala 'yong kahinaan mo. Nakukuha mo ba 'yong punto ko?" tanong ko pero nagbaba lang siya ng tingin.

Inis akong bumaling sa likuran upang muling matigilan. Nanlaki ang mga mata ko at napatitig sa kung sino ang nasa pinto.

"Ate..." Napalunok ako.

Pero sa halip na sa 'kin ay na kay Maxpein ang paningin niya. Kunot na kunot ang noo, magkakrus ang mga braso habang papalapit sa gawi namin.

"I heard everything, Pein," mahina niyang sinabi, napailing agad ang kaharap. **"Why did you let him?"**

Nanlumo si Max. "I don't know."

"Hindi mo ba siya pwedeng tanggihan?"

"Hindi ko rin alam kung ano ang gagawin..." Napayuko siya. **"Hindi ko maintindihan kung bakit hindi ako nakatanggi. Tss. It was so sudden, it happened spontaneously. Kahit ako ay hindi ko alam kung paano pigilan ang sarili ko."** Nasabi ni Max 'yon nang dere-deretso kahit pa mukhang nahihiya siya.

Sandaling katahimikan ang nangibabaw. Nakatingin kaming pareho ni ate kay Max na kunot na kunot na naman ang noo sa sobrang pag-iisip. Para bang litong-lito siya sa dapat niyang gawin at hindi malaman kung bakit nangyari ang nangyari.

"Alam mo, kapag ganiyang malalim ang iniisip ko ay pumupunta ako sa practice room," mayamaya ay sabi ni ate.

"Tss. Ano naman ang iniisip mo ro'n?"

"'Yong kuya mo! Hahaha!"

"Tss." Nag-iwas ng tingin si Maxpein.

"But seriously, how did it happen?"

Inilahad ni Max ang mga nangyari. Seryoso siyang nagkuwento, seryoso kaming nakinig. Hindi nawawala ang kaba sa hitsura niya habang nagsasalita. May mga sandali pang parang maiiyak siya dahil namumula ang ilong at mata niya. Hanggang sa matapos siyang magkwento nang tawa kami nang tawa ni ate. Hindi kami magkandaugaga sa katatawa kaya nainis siya.

Naglapat ang labi ni Max saka kami sinamaan ng tingin. **"King inang 'yan. Ayoko sa lahat, eh, 'yong seryoso ako tapos pagtatawanan ako. Do'n ako nakakapanapak, Yaz,"** nakakatakot ang banta niya.

"Wait! Patapusin mo muna ako sa pagtawa," ani ate 'tsaka siya tumawa nang tumawa. **"My God! Nakakaloka ka! You're so stupid!"**

"Agree!" sabi ko na natatawa rin.

Pero aaminin kong nakahinga ako nang maluwang. Kompara kanina na para bang problema ko na rin ang pinoproblema niya.

"Wow," sarkastikong ani Max.

"I mean, Pein, buo ka pa rin, 'no!" bulalas ni ate, sinenyasan ko siyang manahimik. **"Look, nasa 'yo pa rin ang pearl! Nahawakan lang pero nasa 'yo pa rin!"**

"'Yon na nga, eh, nahawakan," pagdidiin ni Max.

"At least, nahawakan lang at hindi inangkin."

"Nahawakan pa rin. Tss. Nadilaan pa." Nag-iwas ng tingin si Max at napapikit, saka hinimas-himas ang sentido niya. **"Pagdating sa kaniya ay hindi ko na napipigilan ang sarili ko. Parating siya ang dahilan kung bakit ako lumalampas sa limitasyon ko. Kung bakit nagagawa ko ang mga bagay na hindi pwede sa 'kin. Tsk."**

"Because you love him."

"Kapag hindi ko siya kaharap ay hindi pwede sa 'kin ang dahilan na 'yan, Yaz."

"And you're curious."

"I guess I am, pero putsa, naiisip ko lang kung mali o tama kapag tapos na. King ina!"

Nakangusong tumango si ate. **"I feel you,"** bumuntong-hininga pa. **"Pero at least, nakapagpigil siya. So fetch! I can't imagine! Pero in fairness, talagang humanga ako lalo kay Deib."**

"Bakit?"

"What? Kung iba 'yon, nando'n ka pa ngayon!"

"Bakit?"

"Dahil hindi ka niya pauuwiin. Paniguradong hindi ka makakaalis do'n hangga't hindi niya nagagawa ang gusto niyang gawin."

"Bakit?"

"Dahil aangkinin ka niya nang aangkinin."

"Ba...kit?"

"Dahil letse ka—matalino ka pero pagdating sa pag-ibig, nababaliw ka!"

"Okay," nag-iwas ng tingin si Max.

"Anong plano mo?"

"Saan?"

"Sa inyo! Ano ka ba? Umayos ka nga."

"Tss. Pinagpaplanuhan pa ba dapat 'to?"

"Malamang! Dahil kung nakaabot na siya diyan ay hindi malabong maka-homerun 'yon, 'no! Nasimulan niyo na nga, eh. Baka mas maging curious kayo at umabot sa hindi pa dapat inaabot. Naku, Maxpein, I am telling you, pagsisisihan mo 'yan. Kaya habang maaga ay umiwas ka na."

Napaisip si Max at sa gano'ng hitsura niya ay alam kong hindi niya lubos na nauunawaan ang sinabi ni ate.

"Hindi ko maintindihan,"mayamaya ay sabi niya, gusto kong matawa.

Minsan talaga ang hambog, tanga rin! Hahaha!

Bumuntong-hininga si ate. **"Okay,"** hinawakan pa niya ang dalawang kamay ni Max. **"Sasabihin ko sa 'yo ito bilang kaibigan mo at bilang ate na rin sa 'yo, okay?"**

"Okay."

"May tinatawag na sex," panimula niya, kumunot agad ang noo ng kaharap. **"Ginagawa 'yon ng tao—"**

"Alam ko," naglapat ang labi ni Max, gusto ko na namang matawa.

"Okay, alam mo," nakangiwing sabi ni ate, napahiya. **"'Yong ginawa ninyo ni Deib ay papunta na ro'n, Pein. Malapit na malapit na. At kung sinasabi mong pagdating sa kaniya ay hindi mo napipigilan ang sarili mo—aba'y dapat yata na sa kaniya ka pa magpasalamat? Dahil kung hindi siya nagpigil ay may nangyari na nang tuluyan sa inyo!"**

"Meron na ngang nangyari sa 'min, ilang beses ko bang sasabihin?" inis na sabi ni Max, gusto kong humagalpak ng tawa.

Ang tanga-tanga niya ngayon, grabe! Hahaha!

"Hindi kasi *iyon* 'yon!" pagdidiin ni ate. **"Oo, nahawakan niya pero mas..."** Parang hirap na hirap siyang sabihin ang susunod na salita. **"'Buti at hindi kayo nag-sex!"** sa wakas ay nasabi niya rin, napabuntong-hininga ako. **"Kung hindi siya nagpigil ay baka nag-sex na kayo, okay? At hindi magandang idea 'yon, kahit pa mahal na mahal ninyo ang isa't isa. May tamang oras para ro'n, Pein. May tamang dahilan kung bakit ginagawa 'yon at hindi sapat ang pagmamahal para gawin 'yon. Okay?"**

"Alam ko."

"Alam mo naman pala."

"Tss. Pero hindi lahat ay alam ko."

"Kaya nga sinasabi ko 'to sa 'yo. Dumaan na kasi ako sa ganyang stage, Pein. Naging curious na rin ako. Nagkaroon ako ng boyfriend at higit pa diyan ang muntik ko nang magawa. In the end ay pinagsisihan ko rin. Kaya sinasabi sa 'yo na hangga't maaga, umiwas ka na."

"Pero sana ay hindi mo isinasali ang sarili mo, 'di ba? Bida ka?" inis kong sabi kay ate, sininghalan niya ako ng tingin. *Mag-a-advice lang, nagkwento pa? Psh! Stop me!*

"Paano akong iiwas?" tanong ni Max.

"Honestly, napapansin kong madalas kayong lumabas nang kayong dalawa lang. Kadalasan pa no'n ay natutulog kayo nang kayo lang. Hinahayaan naman kayo ng parents ninyo kasi iniisip nilang masyado pa kayong bata para maisip 'yan. So...sa tingn ko ay iyan mismo ang iwasan mo. Ang matulog at lumabas nang kayong dalawa lang."

"Sinabi ko sa kaniya 'yan, ate," muling sabat ko.

"At inuulit ko sa mas maayos na paraan, Zarnaih, 'wag kang epal nang epal!"

"Iiwasan ko siyang makasama, gano'n?" paglilinaw ni Max, hindi na ako sumabat.

"Oo, gano'n nga, Pein. Iwasan mong lumabas nang kayo lang dalawa. Lalo na 'yong ganyang nasa hotel kayo? Dalawang magkasunod na beses ninyong ginawa 'yon. No'ng una ay sa Batanes at ngayon ay sa Tagaytay."

Napabuntong-hininga uli si Max. **"No'ng una kasi ay ako ang nag-set up ng anniversary celebration namin. Ginusto niyang magkaro'n nang sariling celebration kaya 'ayun, may round two. Tss."**

"Pwede naman 'yon. Mag-celebrate kayo kung kailan at ilang beses ninyo gusto. Pero sana ay 'wag na 'yong inaabot ng ilang araw," mahinahong suhestyon ni ate.

"Oo nga, daig niyo pa nagha-honeymoon," sarkastiko kong sabi, nginiwian nila akong pareho.

"Sa susunod ay iwasan ninyo na lang na mag-hotel. Lumabas kayo pero umuwi rin kayo. Kasi doon kayo may oras para sa isa't isa. Doon kayo nagkakaroon nang intimate moments."

Napaisip si Max, bumuntong-hininga bago muling nagsalita. **"Hindi naman kasi kami gano'n noon. Noon ay masaya na kaming nakikita ang isa't isa. Pero ngayon...tsk."** Napailing siya. Alam kong nahihirapan din siya sa ganito kasimpleng bagay.

Hindi niya pwedeng isisi lahat kay Sensui dahil nasisiguro kong siya rin mismo ay nagustuhan 'yon. Tsk tsk.

"Kaya nga sinasabi ko sa 'yo na iwasan mo na muna. Kasi hindi na ako magtataka kung hahayaan mo uli siya at sa susunod ay may mangyari na talaga sa inyo."

"May tiwala ako sa kaniya, alam kong hindi niya rin kayang gawin 'yon." Bakas ang pagtutol sa tinig ni Max, nanlumo kaming pareho ni ate.

Huminga nang malalim si ate saka sandaling tumitig sa kaniya. **"Nasisiguro ko naman na ang kaunting pag-iwas mo na ma-solo kayong dalawa ay hindi magiging kabawasan sa nararamdaman ninyo sa isa't isa, 'di ba? Iiwas ka lang naman for your own safety. Kailangan mong mag-ingat."**

"Gano'n ba siya kadelikado?"

"Oh, come on, Pein! 'Wag mo kasing masamain ang sinasabi ko."

"I am not. Tss."

"Sinasabi ko sa 'yo 'to para makaiwas ka sa pwedeng mangyari. At hindi dahil masama siyang tao, okay? Iiwasan mo lang naman na makasama siya nang solo kayo, para walang mangyari sa inyo. Psh! And besides, para rin naman sa inyo 'to."

"Oo na."

"Iiwasan mo lang na ma-solo kayong dalawa. 'Yong kayong dalawa lang ang magkasama. Pero kapag may makakasama kayong iba, eh, di go! Magsama kayo! Pero 'yong aalis kayo nang kayong dalawa lang, matutulog nang kayong dalawa lang, enough of those stuff. Tigilan ninyo na ang ganyan. Magsama kayo ng kaibigan hangga't maaari, mas tama 'yon at mas magandang tingnan."

Tsk tsk. 'Yan ang hirap, eh. Nagagawa nga nila ang lahat nang gusto nila, ang kaso...pati 'yong hindi nila dapat gawin ay nagagawa na rin nila.

Napailing na lang ako sa naisip. Nagpapaulit-ulit sa pandinig ko ang ginawang pag-amin ni Max. Hindi ko lubos maisip na nagawa nila 'yon. Maski kailan ay hindi pumasok sa isip kong maiisip iyong gawin ng isa sa kanila. May tiwala ako sa kanilang pareho.

Hindi ko rin maitatangging kinabahan ako para sa 'min ni Lee, agad ko siyang naisip. Kahit kailan ay wala siyang ipinaramdam o ipinakita sa 'king dahilan para humantong kami sa gano'n.

Psh! Kung si Sensui nga ay hindi ko pinag-iisipan ng gano'n—pero nagawa niya! Tsk. Wala naman sa isip mo 'yon, Lee, 'di ba? Wala, 'di ba?

"Alam mo?" sumabat ko uli. **"Kung ako sa 'yo, Max, iwasan mo na muna ang paglabas-labas kasama si Sensui nang kayo lang,"** suhestiyon ko. **"Bilang kaibigan mo, masasabi kong hindi mabuti 'yong ganiyan. Kahit na sabihin nating second base pa lang—putsa! Isang pagkakamali ninyo baka maka-homerun kayo? Kailangan ninyong mag-ingat."**

"Inulit mo lang ang sinabi ko, Zarnaih," nakangiwing ani ate.

Pasiring ko siyang nilingon. **"Ang tunay na kaibigan ay hindi nagsasawang magpaulit-ulit, mapaalalahanan lang ang kaibigan! Ikaw ang epal! Bawat buka ng bibig ko, eh, may nasasabi ka!"**

"Fine! Psh! She's right," ani ate na siniringan din ako. **"Sa unang pagkakataon ay may narinig akong matinong lumabas sa bibig ng kapatid ko."**

"Psh. Matitino ang mga sinasabi ko, mali lang talaga lagi ang intindi mo, ate."

Hindi ako pinansin ng kapatid ko, mas tumitig siya kay Max. **"Magkakasama pa rin naman kayo at makapagde-date. Mas masaya kung isasama ninyo ang friends ninyo. Magandang ideya ang sinabi ni Zarnaih, i-lessen niyo ang paglabas nang kayong dalawa lang. Para maiwasang may mangyaring higit pa diyan."**

"Iiwasan mo lang naman, eh, hindi mo iiwan."

"I agree," si ate. **"Alam kong mahihirapan kang gawin 'yan. But that's the best thing to do right now. Kaysa isipin pa ng boyfriend mong ayos lang sa 'yo ang gano'ng ginagawa niya."**

"I'm home," natigilan kaming pare-pareho nang biglang sumulpot si Maxwell.

Napatuwid si Max sa pagkakaupo at deretsong tumingin sa kapatid. Nilingon niya pa muna si ate na mukhang natatawa pa rin sa kaniya.

Nilingon ni Max ang kapatid. **"Saan ka galing?"**

"Duty."

"Kumain ka na?"

Ngumiwi si Maxwell. **"Not yet."**

"Sabay-sabay na tayo."

"Hindi na, matutulog na ako. May duty pa ako mamaya."

"Eh, bakit ka pa dumaan dito?"

"Para magpapansin sa 'kin," sabat ni ate.

Sinamaan agad siya ng tingin ni Maxwell. **"Paliparin kaya kita sa labas kasama ng mga gamit mo?"**

"Iisipin ko na lang na kaya mong gawin 'yon," pang-aasar ni ate. **"Tara, sumabay ka na sa 'ming kumain para mas ganahan ka."**

"No, thanks," ani Maxwell na naupo sa single sofa, inihilig ang batok at pumikit.

Katulad na katulad ng kapatid niyang abnoy. Psh!

"Ramdam mo sigurong hindi ako ang nagluto kaya ayaw mong kumain, 'no?" muling sabi ni ate.

"'Oy," mahinang sita ko. **"Ratsada na naman 'yang bibig mo, eh, 'no? 'Wag kang papansin, tara na't kumain."**

Pero hindi kumalma ang bibig ni ate. Nagbunganga siya hanggang sa mapapayag si Maxwell na kumain. Tuloy ay hindi na namin muling napag-usapan pa ang topic kanina.

Aaminin kong nakahinga ako ng maluwang dahil gano'n lang naman pala ang nangyari. Pero meron pa rin sa 'king nag-aalinlangan.

Hindi na dapat sila nagsasama nang gano'n kung ganiyang may nangyayari pala sa kanilang pahapyaw. Psh! Dapat lang talaga sigurong iwasan na muna nila ang isa't isa.

DEIB'S POV

Nakasimangot kong nakarating ang school. Kanina pa mang pagbangon ay wala na ako sa mood. Bahagya lang umayos ang mukha ko nang makita sa katabing parking sina Lee at Tob. Pareho silang nakasandal sa mga kotse nila.

"Hinihintay ninyo ba 'ko?" tanong ko na dinouble check ang kotse kung naka-lock na.

"Hindi, ah!" tanggi ni Tob.

"What are you doing here?"

"Kanina pa kami dito, hinihintay 'yong girlfriend naming pareho."

Napabuntong-hininga ako, naisip ko na naman si Taguro. *Tsk! Hindi pa 'ko handang harapin siya ngayon!* Gusto ko na naman kilabutan sa sobrang kahihiyan.

"Papasok na 'ko," paalam ko pero humabol si Tob.

"Bakit nagmamadali ka naman? Hintayin na natin sina Michiko, 'dre, papasok na rin ang mga 'yon. Ang aga pa, oh?"

"May gagawin pa 'ko."

"'Naaay!"

"Ano na naman?"

"Anong gagawin mo?"

"Magbabasa ako sa classroom."

"Ikaw, magbabasa sa classroom? Sinong niloko mo? Psh! Siguro may gusto ka lang makita agad sa room ninyo, 'no?"

Nanlaki ang mga mata ko. **"Hoy! Loko ka! Baka marinig ka ni Taguro!"**

"Eh, ni ayaw mo nga siyang hintayin, 'dre, paano ka maririnig? Psh!"

"Tch." Hindi ko na nagawang magsalita, malayo pa lang ay narinig ko na ang mga motor nila. Nang lingunin ko ang kanto ay may nakasunod nang kotse sa kanila, kay Michiko 'yon. Napabuntong-hininga ako at nag-iwas ng tingin, hinintay na lang na makalapit sila.

"Naging busy kasi kaming pareho ni Lee no'ng nakaraan. Hindi kami nakapag-celebrate ng anniversary namin. Hindi katulad ninyo, nakadalawa pa," ngingisi-ngising bulong ni Tob. Inilabas niya ang bungkos ng rosas mula sa kotse.

Napaiwas ako ng tingin. *Buong buwan nga dapat kaming magse-celebrate, eh. 'Yon ang plano ko. Tch. Kung hindi lang sana nangyari 'yong hindi dapat mangyari, baka natuwa pa siya,* sabi ko sa sarili.

Hanggang ngayon ay hindi ko mabigyan ng paliwanag ang sarili ko kung bakit ko nagawa 'yon. Pakiramdam ko ay tinutunaw pa rin ako sa kahihiyan. At nasisiguro kong hindi ako handang harapin si Taguro ngayon. Hindi ko alam kung paano siyang kakausapin. Maski ang tingnan siya ay hindi ko napagplanuhan.

"Happy anniversary, baby," dinig kong bati ni Tob, palihim ko silang sinulyapan ni Michiko.

"Happy anniversary, sweetie," bati naman ni Lee kay Parrot. Na ikinagulat ko nang makitang masama ang tingin sa 'kin. **"Sweetie?"** nagtaka si Lee, doon lang siya tiningnan ni Parrot. **"Happy anniversary, sweetie!"** muling bati niya na niyakap ang nobya.

"Stop! Stop! Ano ba? 'Wag mo 'kong yakapin," singhal ni Parrot na ikinagulat ng nobyo. Nagulat na lang ako nang samaan niya na naman ako ng tingin.

"Sweetie, bakit ang init mo? May lagnat ka ba?"

"May mens ako! Tumabi ka nga!"

"Sweetie naman? What's wrong with you?"

"'Wag mo 'kong ini-Ingles ngayon, Lee Roi, mara-rock and roll ka nitong dila ko!"

"Batiin mo naman ako? Parang hindi ka naman masaya sa sorpresa ko niyan."

"Oo na, happy anniversary!"singhal ni Parrot na noon lang uli tumingin sa kaniya. **"Sorpresa na talaga sa 'yo 'tong bulaklak, ah? Sa**

ganda kong 'to, hindi na 'to ang unang beses kong makatanggap ng ganito! Psh!"

Sobrang ingay ng bunganga ni Parrot pero tinatawanan na lang siya ng mga kaharap. Hindi ko naman malaman kung ano ang gagawin, para akong nilalamig sa pagkakatayo habang pinapanood sila. Palihim kong tiningnan si Taguro na mababa ang tingin, hindi man lang yata tumingin sa 'kin. Hindi ako tumingin sa iba pang parte ng kabuuan niya, sa mata lang. Napapalunok na 'ko nang dahil do'n.

"Bakit parang galit ka?" muling tanong ni Lee.

"Eh, paano? Tinatawagan kita no'ng anniversary natin pero hindi mo sinagot ang tawag ko! Alam mo bang kakantahan sana kita? 'Sinulat ko pa 'yong kantang 'yon tapos dinedma mo?"

"Sweetie naman? Hindi ko 'yon dinedma at hindi ko 'yon sinasadya."

"'Ku! Hindi sinasadya? Eh, kinabukasan? Tumawag ulei ako pero dedma ka na naman! Ano? Sinasadya mo na no'n?"

"Sweetie, naging busy lang talaga ako. Alam mo naman ang sched ko, 'di ba?"

"Naku!"

"I'm telling the truth, sweetie. Believe me, I was busy."

"Oo na! Napakaaga, Ingles na naman," asik ni Parrot. **"Ide-date mo ko, ah!"**

"Oo naman," ngumiti si Lee, nakahinga nang maluwag. **"I'll wait for your dismissal. Then I'll take you home before the night end—"**

"Hep! Hindi! Hindi tayo magpapagabi! Hindi tayo pwedeng abutin nang gabi! Hindi na 'ko tao kapag gabi!"

"Bakit, sweetie?"

"Ayaw ko sa gabi. At ayaw ko nang solo! Isama natin 'tong mga kaibigan natin."

"Ha? Eh, may date din sina Tob, sweet—"

"Naku, Michiko, hindi! Sasama kayo sa 'min ni Lee," ani Parrot.

Gaya nang pagkalito nina Lee at Tob ay ipinagtaka ko rin ang mga asta niya. Lalo na't panay ang masasamang tingin niya sa 'kin.

Ano ba ang ginawa ko na naman sa kanya? Bakit ang sama niya kung tumingin sa 'kin? Tch.

"At ikaw!" dinuro ako ni Parrot na muling ikinagulat ko. **"'Wag ka nang sumama sa 'min! Mag-aral ka na lang nang mabuti! 'Yong**

mabuting-mabuti hanggang maabot mo ang tagumpay!"

"Tch."

"Mauna na 'ko," binasag ni Taguro ang sandaling 'yon. Nilingon ko siya pero wala sa 'kin ang paningin niya. **"Magkita na lang tayo sa room,"** dagdag niya. Natahimik naman ang lahat at napasunod ng tingin sa kaniya.

Tch.

"Anong nangyari ro'n?"inosenteng tanong ni Michiko.

"Halika na," hinila ni Parrot ang kamay ng kaibigan. **"'Oy, Max! Hintayin mo kami!"** sabi pa niya 'tsaka tumingin sa nobyo. **"Mamaya na lang!"** pasinghal niyang dagdag 'tsaka kami tuluyang iniwan.

"Grabe..," bulalas ni Tob. **"Kakaiba talaga 'yong girlfriend mo, 'dre. Nawawalan pa ba ng lakas 'yon? Parating nakasigaw!"**

"I don't know," nagkibit-balikat si Lee. **"Nagtataka nga rin ako kung bakit gano'n siya ngayon."**

"Pero 'pansin ko, 'dre," ani Tob. Nagulat ako nang lingunin ko siya ay sa 'kin na siya nakatingin. **"Bakit hindi 'ata kayo nagpansinan ni Max?"**

"Ha?" napamaang ako.

"'Naaay!" tinakpan ni Tob ang bibig saka sarkastikong sumunggab sa 'kin. **"Magkaaway pa rin kayo? Psh! Namputsa! Magkaaway na kayo no'ng nakaraan, ah? Hanggang ngayon ba naman?"**

"Nag-away kayo ni Max, Deib?" inosenteng tanong ni Lee. **"Sabi ni Zarnaih ay nag-date pa kayo hanggang kahapon sa Tagaytay? Second celebration niyo raw."**

"Wala lang siguro siya sa mood," nag-iwas ako ng tingin.

"Eh, ikaw?"

"Anong ako?"

"Wala ka rin sa mood kaya hindi mo siya pinansin?"

"Tch."

"Come on, Deib, I know you. Is there a problem?"

"Wala, Lee," pinilit kong ngumiti. **"Tara, pasok na tayo."**

Napatitig silang pareho sa 'kin, bumuntong-hininga bago kumilos para sabay-sabay kaming pumasok. Natahimik kaming tatlo hanggang sa magkahiwa-hiwalay. Dumeretso ako sa locker, kinuha ang ilang gamit na kailangan sa unang subject. Papunta na sana ako sa classroom nang makita ko si Eerah Anitha na tumatakbo sa pathway. Sa kabilang dako ay nakita ko naman si Lovemir, taas-noo at nakapamulsang naglalakad.

"Lovemir!" noon ko lang narinig si Eerah Anitha na tawagin ang asawa sa tonong masaya.

Nasanay akong galit parati ang dating nang pananalita niya kapag ito ang kausap o kaharap. Huminto si Lovemir, nilingon siya pero hindi nagsalita.

"I was calling you but you were not answering," mahihimigan ang pagtataka sa tinig ni Eerah Anitha, pilit ang ngiti sa mukha. Parang napapahiya pa nga.

"I'm busy."

"I see," tumango si Eerah Anitha, parang naiilang sa asawa. **"Nag-text din ako, hindi mo nabasa?"**

"I said, I'm busy, Eerah."

Sandaling natigilan ang babae. **"Ah,"** pilit ang matunog niyang tawa. **"Sorry, naabala 'ata kita pero kailangan mong mabasa ang text na 'yon kasi importante 'yon."**

"Okay," tanging tugon ng lalaki saka tinalikuran siya.

Pero humabol si Eerah Anitha. **"Tungkol iyon sa gaganaping party ulit ni Almeyra sa Sabado,"**bumuntong-hininga ang babae. Binigyan siya nang nauumay na tingin ng asawa. **"Invited tayong dalawa—"**

"Okay."

"This time, reunion na 'yon ng batch nati—"

"I'll be there on Saturday, Eerah, information isn't needed for me to come."

Natigilan ang babae. **"Ang sungit mo naman?"**

"I'm not in the mood." Seryoso talaga si Lovemir, hindi ko man lang nakitang ngumiti.

"Iniiwasan mo ba ako?" biglang tanong ni Eerah.

Doon lang ngumiti si Lovemir pero nakakaasiwa ang dating no'n para sa kaharap. **"If that's what you think then I guess I am,"** sarkastiko niyang tugon.

"Why?"

"Why...what?"

"Hindi ka naman ganiyan, ah?" pinilit pa rin ni Eerah Anitha ang tumawa kahit halatang napapahiya na siya. **"I mean, napapansin ko lang na medyo nag-iba ka nitong nakaraan."**

"I don't understand you," muling natawa si Lovemir. **"No'ng panay ang lapit ko ay nagagalit ka. Ngayong lumayo ako, nagtataka ka?"**

Hindi agad nakasagot si Eerah Anitha, napahiya. **"No, that's not what I mea—"**

"Sige. Sabihin na nating iniiwasan kita pero totoong wala lang ako sa mood ngayon."

"Eh, di inamin mo rin. Umiiwas ka sa 'kin, bakit?"

"May kataka-taka ba ro'n? Hindi ba't iyon ang gusto mo?" napakapormal niya na namang magsalita. **"Iyon ang gusto mo, Eerah, ang lumayo ako sa 'yo."**

Humalakhak si Eerah Anitha pero halatang peke 'yon. Hindi na katakataka kung pati asawa niya ay mapansin 'yon.

"Nakakapagtaka lang na gano'n mo kabilis nagawa—"

"How many times do I have to tell you that I am just not in the mood right now, Eerah? 'Wag mo nang pahabain pa ang usapan." Parang galit na si Lovemir. **"Kung sa tingin mo ay umiiwas ako sa 'yo kahit sinabi ko nang busy lang ako at wala sa mood, okay. Ganoon na lang ang isipin mo."** Sinamaan niya ng tingin ang babae 'tsaka tinalikuran ito.

"Dahil sinabi mong umiiwas ka sa 'kin. Hindi ko maintindihan kung alin ang totoo, umiiwas ka ba o wala lang sa mood?"

"Pareho. Pero sa ngayon, wala ako sa mood."

"Please, at least tell me...why?" muling habol ni Eerah Anitha. **"Bakit ka umiiwas sa 'kin? I honestly want to try asking instead of assuming."**

Nauumay siyang nilingon muli ni Lovemir. **"Dahil pag-iwas lang ang paraan na meron ako para tuluyan kitang makalimutan."**

Matapos sabihin 'yon ay tinalikuran niya na uli si Eerah at nagtuloy-tuloy na sa paglayo. Hindi na siya lumingon pa, nanatiling nakataas ang noo niya sa paglalakad.

Nilingon ko si Eerah Anitha. Makikita ang panlulumo at lungkot sa mga mata niya.

Tch. Kakaiba talaga ang babaeng 'to. Ganyan ba talaga ang mga babaeng mapaglaro? Maghahabol kapag napansing umiiwas na kaming mga lalaki? Tch.

Hindi ko maiwasang makita kay Lovemir ang sitwasyon ko dati sa pagitan nina Kimeniah at Taguro.

Pero nagkagano'n ako noon kay Kim dahil si Taguro na ang gusto ko. Hindi kaya... Nanlaki ang mga mata ko. *Hindi siya pwedeng magkagusto kay Taguro! Patay siya sa 'kin! Ibu-bully kita hanggang sa magsawa kang pumasok! Tch!*

Nagsimula ang klase, hindi ko nagawang makapag-focus. Bumalik na naman sa isip ko ang sitwasyon namin ni Taguro. At habang nag-iisip ay naro'n sa 'kin ang takot at pangamba. Sa sobrang pag-iisip ay hindi ko maiwasan ang mangamba sa maraming bagay. Hindi ko maiwasang mag-aalala tungkol sa naramdaman niya at lalo na sa inisip niya.

Dati-rati ay puro kalokohan ang naiisip ko sa t'wing may gagawing bago kay Taguro. Pero ngayon ay puro pag-aalala ang nangingibabaw sa 'kin.

Napapapikit ako sa t'wing maaalala ang pakiramdam habang hinahalikan ko ang balat niya. Parang gusto ko tuloy umalis sa klase, pumasok sa kotse ko at doon mag-isip nang mag-isip. Aaminin kong masarap sa pakiramdam pero ang bagay na 'yon ay nabubura ng sobrang pag-aalala ko para sa kaniya. Natatakot ako sa pwede niyang isipin lalo na at ganito ang sitwasyon namin ngayon. Pero wala akong lakas ng loob para lapitan siya. Hindi ko alam kung paano magsisimulang kausapin siya.

Hindi pa siya maangas niyan, Deib Lohr, ah? Tch! Paano kapag nag-angas na siya? Baka mas mahirapan ka nang lapitan para kausapin siya? Tsk!

Hindi ko napansin ang pagiging balisa ko ay nadala ko na sa buong araw. Kaya naman nang magyayang mag-lunch sina Lee at Tob ay hindi iyon nakaligtas sa paningin nila. Napansin nilang wala ako sa sarili. Panay ang pagtatanong nila kung may kinalaman ba iyon sa inakto namin ni Taguro nang umaga. Hindi kami nagpansinan at hindi 'yon normal. Hindi pa 'yon nangyayari sa 'min nang hindi nag-aaway.

"Umamin ka nga sa 'min, 'dre? Ano ba talaga ang nangyari sa inyo ni Max? Kakaiba ka kasi ngayon, 'dre, natatakot ako sa 'yo," pabirong ani Tob. Alam kong gusto niya lang munang pagaanin ang loob ko. **"Parang napakalalim niyang iniisip mo. Tingnan mo 'yang noo mo, oh! Pangnobenta anyos!"**

"Tch."

"I know that there's something wrong, Deib. What is it? You can tell us," sabi naman ni Lee.

Napailing ako pero hindi nakapagsalita. Ipinagpatuloy ko ang pagmamaneho hanggang sa makarating kami sa mall. Pare-pareho kasi kaming may mahabang vacant. Kaya nang yayain ko silang kumain sa labas ay hindi na sila tumanggi.

Pagkarating sa resto ay nanatili akong tahimik. Matapos nilang um-order ay saka lang uli nila ako napansin.

"Meron talagang problema, 'dre, hindi na kailangang tanungin 'yan," ani Tob. **"At sa tingin ko ay seryosong problema 'to."** Nag-angat ako ng tingin, titig na titig siya sa 'kin. **"Kasi hindi ganiyan ang hitsura mo kapag away-bata lang kayo, eh. Tapos kasalanan mo? Psh. Ano 'yon, 'dre? Handa kaming makinig."**

Sandali na naman akong napatitig sa kanila. Pinakiramdaman ko ang sarili kung handa na ba akong magsabi.

Kaibigan ko sila, at sila lang ang maaasahan ko ngayon. Sa tingin ko ay sila ang mas nakakaalam sa kung ano ang dapat kong gawin.

"Ano kasi, 'dre," panimula ko, mas napatitig sila sa 'kin. **"May ginawa akong hindi tama kay Taguro,"** napabuntong-hininga ako.

Napalayo silang pareho, sumandal sa kinauupuan 'tsaka mas tumitig sa 'kin. **"What is it?"** tanong ni Lee.

"I touched her..."

"What?" sabay nilang naipatong ang mga kamay sa mesa dahil sa gulat.

Nag-aalinlangan at nahihiya man ay ikinuwento ko sa kanila ang lahat nang pangyayari. Naintindihan nilang hindi ko 'yon sinasadya. Pero madalas ay hindi sila sang-ayon sa mga dahilan ko kung bakit ko 'yon nagawa. Hiyang-hiya ako habang nagkukwento at pakiramdam ko ay pinandirihan nila ako sa sandaling 'yon.

Sinabi ko sa kanila ang lahat, mula sa umpisa hanggang sa mga pangyayari kanina. Ngayon ay may ideya na sila kung bakit gano'n ang naging pakikitungo namin ni Taguro sa isa't isa. Kinuwento ko maging kung paano ko iyon ginawa at pati na rin ang naging reaksyon ni Taguro. Hindi sila nagsalita, nakinig lang nang nakinig pero panay ang iling. Nag-alala tuloy ako lalo sa posibleng iniisip ngayon ni Taguro. Kung itong mga kaibigan ko ay ganito ang naging reaksyon, gulat na gulat at hindi makapaniwala, ano pa kaya siya?

"Isip na kasi ako nang isip. Kailangan ko na rin nang mapagsasabihan. Kaya hindi na ko nagdalawang-isip na magsabi sa inyo," sinabi ko matapos magkwento. **"'Dre, please, don't judge me. Believe me, I didn't mean to do it. Kahit ako hanggang ngayon ay nagtatanong sa sarili ko kung bakit at paano ko 'yon nagawa? Nakakainis!"**

"I'm speechless," napapamaang na ani Tob, panay ang buntong-hininga.

"And I don't know what to say," sabi naman ni Lee.

Napatitig ako sa kanila 'tsaka napailing. Yumuko ako at inihilamos ang mga kamay sa mukha. **"Nabastos ko siya. So damn stupid of me,"** paninisi ko sa sarili.

"Mali ka, 'dre," ani Tob.

"I know," napapayukong sabi ko.

"Pero pinabilib mo 'ko," dagdag niya kaya nag-angat agad ako ng tingin. Ngumiti si Tob, nalito naman ako. **"Hindi lahat ng lalaki ay makakapagpigil nang ganiyan,"**seryoso niyang sabi, bahagya lang ang pagkakangiti. **"They say that most of the time, lust feels like love. Until it's time to make a sacrifice."** Ngumisi siya sa huli.

"Tch."

"Pero mali pa rin," tutol ni Lee, nilingon ko naman siya. **"If you're going to make love with the person that you really love. Then do it wearing the safest thing."**

"Tch! Sira-ulo ka, Lee! Hindi naman kami umabot do'n. 'Tsaka hindi ako bumibili ng condom."

"I'm talking about a wedding ring, stupid," angil niya, napahiya ako. **"'Dre, trust the benifits of waiting."** Wala akong nasabi, napailing na lang sa sobrang pagkapahiya.

"Tama ang ginagawa mo. Kung ako man ang nasa sitwasyon mo ay iiwas na rin muna ako. Hindi ko nga lang siguro kung tama bang umiwas ka sa kaniya nang hindi niyo napag-uusapan ang tungkol diyan?" ani Tob, bumuntong-hininga pa siya bago nagpatuloy. **"Parang mas maganda kung pag-uusapan ninyo na muna ang tungkol sa pag-iwas bago ninyo gawin. Baka kasi may hindi magandang idulot 'yan sa relasyon ninyo."**

"Alam ko naman 'yon," sagot ko. **"Pero sa ngayon talaga ay hindi ko pa siya kayang kausapin. Nahihiya ako, 'dre. Natatakot ako."**

"Naiintindihan kita, 'dre. Putsa! Si Taguro 'yon, eh!"

"Kaya nga. Si Taguro 'yon. Si Taguro," sunod-sunod na naman ang pag-iling ko.

"Sige, kung sa tingin mo ay hindi ka pa handa ay 'wag na nga muna. Pero, 'dre, sinasabi ko sa 'yo, pag-usapan ninyo 'yan. Umiwas na muna kayong mag-solo, tingin ko ay mas makabubuti 'yon."

Pinaalalahanan pa nila ako hanggang sa maubos ang oras namin. Nakinig ako nang nakinig at ipinangako sa sariling gagawin ko ang lahat nang iyon.

Sa sobrang kahihiyan na nararamdaman ko ngayon ay walang dahilan para hindi ako sumunod sa mga advice nila.

Kaso hindi ko alam kung kailan ko kakausapin si Taguro. Paano ko sasabihin sa kaniyang umiwas na muna kami sa isa't isa? Paano ko ipaliliwanag sa kaniya ang lahat? Paano kung nagalit siya sa 'kin? Tsk! Nakakabugnot! Bakit ko ba kasi 'yon ginawa?

Bukod sa kahihiyan ay napuno ng pagsisisi ang kaluluwa ko. Mahal ko siya pero hindi ako siguro kung parte nang pagmamahal ang ginawa ko. Kulang ang panahon para mapatunayan ko ang mga dahilan ko.

Nasa akin ang problema. Ako ang may kasalanan kaya ako na muna ang kailangang umiwas. Napapikit ako sa pagtutol ng dibdib ko sa laman ng isip ko. *Kailangan mong magtiis, Deib. Kailangan mong magtiis. Kaunting tiis lang. Iwasan mo na muna si Taguro. At kapag handa ka na ay 'tsaka mo siya kausapin. Oo, tama. Kausapin mo siya kapag handa ka na.* Pilit kong pinasang-ayon ang sarili sa nakapanlulumong desisyon.

MAX'S POV

"Max," hinabol ako ni BJ. Nasa daan kami papuntang P.E. class. **"Napapansin ko lang..."**Ngumiwi siya. **"Parang hindi yata kayo nagkakasama ni Deib Lohr? War kayo, 'te?"** Natigilan ako pero hindi nagawang sumagot.

Bago pa muling dumating ang Lunes ay sinubukan ko agad na gawin ang mga sinabi nina Naih at Yaz. Hindi ako nagte-text kay Sensui, hindi rin siya nagte-text sa 'kin. Inabala ko ang sarili sa pagpa-practice gaya nang sinabi ni Yaz at sa marami pang bagay. Madalas ay silang magkapatid ang kasama ko at iniiiwas namin parati kay Sensui ang usapan.

Nagpatuloy pa ako sa mga sumunod na araw. Pagkarating ko palang kanina sa BIS ay umiwas na naman agad ako. Doon ako sa main gate nag-park para hindi na ako dumaan pa sa tertiary campus. Nang mag-lunch break ay kinausap ko na si Naih na kapag natanaw niyang paparating na si Sensui ay sabihan ako para makatakas ako agad.

Dumaan ang araw at linggo nang patuloy akong umiiwas. Pero sa pag-iwas kong iyon ay hindi ko rin maiwasan ang magtaka. Hindi ko mapigilang mapaisip at magtanong. Masasabi ko bang successful na ang pag-iwas ko dahil hindi ko siya nakikita o nakakausap? Paulit-ulit ang tanong na iyan sa 'kin. Pero ang ipinagtataka ko ay bakit wala akong naririnig mula sa kaniya.

Wala pa akong natatanggap na text o tawag galing kay Sensui mula nang mangyari ang bagay na iyon sa Tagaytay. Nang ihatid niya kasi ako kinabukasan ay hindi na siya nag-text o tumawag man lang sa 'kin. Kaya kahit pa hindi kami mag-ingat at umiwas, ayos lang. Kasi nararamdaman kong hindi naman pupunta si Sensui sa campus namin.

"'Uy, 'te! Ayos ka lang ba?" natinag ako sa boses ni Migz. **"Parati ka na namang lutang. Gusto mong palitan ang pwesto ni Michiko, 'te?"**

Pinilit kong ngumiti. **"Tara, magsimula na tayo."**

Kahit pa may napapansin ako ay nagpatuloy ako sa pag-iwas. Dahil na rin sa paninita sa 'kin madalas ni Naih. Napapansin na rin ng mga kaibigan naming hindi kami nagkakasama ni Sensui. Alam na rin nilang hindi kami nagkikita pero hindi kami nagsabi ng dahilan. Nabawasan ang pagtatanong nila nang kausapin sila ni Naih tungkol sa 'min. At ang lahat nang iyon ay nangyari sa nakalipas na dalawang buwan.

Hindi ko na kaya...

Isang gabi pagkauwi ko ay bigla na lang akong nakaramdam nang matinding lungkot. Miss na miss ko na si Sensui at hindi ko alam kung hanggang kailan ko matitiis ang hindi siya makita o makausap. Nami-miss ko ang mga ngiti maging ang boses niya at ang lahat nang iyon ay mahigit dalawang buwan ko nang iniiwasan. No'ng una akala ko ay imposibleng makaiwas ako dahil nasa iisang school lang naman kami kahit pa magkaiba ng campus. Pero lahat 'yon ay nangyari at napagtagumpayan ko.

Ngunit ang tanong sa isip ko ay hindi nagbabago.

Successful ba ang pag-iwas ko...o iniiwasan mo rin ako?

Ang tanong na 'yon ay nagdulot ng kaunting kirot sa dibdib ko. Hindi ko maipaliwanag kung bakit. Kunot na kunot ang noo ko habang nakatitig sa cellphone. May kung ano sa 'king nagtutulak na tawagan ko siya pero pinipigilan ko ang sarili ko.

Hanggang sa bumukas ang pinto at iniluwa no'n si Naih. **"Ayos lang bang pumasok na 'ko?"** nakangisi niyang tanong.

Bumangon ako mula sa pagkakadapa at naupo nang ayos. Inihilig ko ang ulo ko sa dashboard at tumingin sa kaniya. **"Bakit?"**

"Alam kong malungkot ka. Ga'no katagal na kayong hindi nagkikita?" tanong niya. Imbes na sumagot ay nag-iwas na lang ako ng tingin. **"Pasensya ka na kung gano'n ang naging advice namin sa 'yo, ah?"**

"Naiintindihan ko 'yon," tiningnan ko siya sa mga mata. **"Tama kayo. Walang kaso sa 'kin 'yon."**

"Pero tingnan mo naman ang hitsura mo ngayon?" bahagyang nakangiwi ngunit malungkot niyang sabi.

"Hindi naman 'yon ang dahilan kung bakit ako ganito."Bumuntong-hininga ako. **"Nagtataka kasi 'ko. Oo, umiwas ako. Pero bakit hindi siya nagre-react? Hindi ba niya nararamdaman 'yong pag-iwas ko? Sa totoo lang, Naih, naghihintay ako. Hinihintay ko siyang lumapit, tumawag at pumunta sa 'kin. Gusto kong tanungin niya ako kung bakit hindi kami nagkikita no'ng mga nakaraan. Kung bakit hindi ako nagte-text o tumatawag man lang? Pero...tss. Sa kabila nang paghihintay ko, eh, nagtataka rin ako kung bakit pati siya ay gano'n?"**

"Anong gano'n?"

"Hindi rin siya nagte-text sa 'kin. More than two months? Imposible 'yon kay Deib Lohr. "

"Seryoso?" gulat niyang tanong.

Tumango ako. **"Pakiramdam ko tuloy, pati siya ay umiiwas sa 'kin."**

"Eh...baka gano'n na nga?" sang-ayon niya 'tsaka kami sabay na napabuntong-hininga. **"Sa ugale ni Sensui ay hindi na ako magtataka kung nahiya rin siya sa ginawa niya, Max."** Hindi ako sumagot, nag-iwas uli ng tingin. **"Ilang buwan na rin naman ang nakaraan. Puntahan mo kaya siya?"**

Nilingon ko siya. **"Saan?"**

"Psh. Sa kanila—pero hanggang doon ka lang sa sala! O kaya sa campus nila. Sa classroom niya. Kung saan kayo dating nagkikita."

"Ano naman ang gagawin ko ro'n?"

"Eh, di tanungin mo siya kung bakit hindi siya nagte-text at tumatawag sa 'yo? Aba! Natural na reaksyon 'yang reaksyon mo! Umiwas ka na't lahat, eh, hindi man lang makaramdam? Ano, super busy? Engineer? Psh!"

Napabuntong-hininga ako. **"Paniguradong nararamdaman niya 'yon. Siguro nga ay tama ka, baka nahihiya rin siya."**

"Oo. Imposibleng hindi niya 'yon nararamdaman. Paniguradong alam niyang umiiwas ka kaya hindi ka na rin niya kinukulit. Nirerespeto niya ngayon ang privacy mo. Psh! Si Sensui kaya 'yon? Hello? Makulit pa sa tatlong taong gulang na bata 'yon, eh!"

"Sige, pupuntahan ko siya bukas na bukas din."

Matapos ang usapan namin ni Naih ay naligo lang ako at nahiga na uli sa kama. Inisip ko kung paano kakausapin si Sensui bukas. Balak ko ay puntahan siya sa bahay nila sa hapon. Sabado bukas kaya paniguarong walang pasok iyon.

Kinabukasan matapos ang mga dapat gawin ay naghanda ako papunta kina Sensui. Hindi ko maipaliwanag ang naghahalong kaba at exciment sa dibdib ko. Naglalaban sila. Napapangiti ako na hindi ko maintindihan. Ako rin ang sumisita sa sarili ko kaya muli akong sumeseryoso.

Nakaparada ang mga sasakyan nila sa labas ng bahay nang dumating ako. Pero wala doon ang kotse ni Sensui. *Wala kaya siya?* Napakamot ako sa ulo matapos iparada ang motor ko.

Si Manang ang nagbukas ng pinto sa 'kin. **"Oh, Maxi!"**

"Ah, bumisita lang ho."

"Mabuti naman! Aba'y kailan na rin mula no'ng huli tayong magkita, ah? Kumusta na ba?"

"Ayos naman ho," tipid ang ngiting sabi ko. **"Nandiyan ho si Deib Lohr?"**

"Aba'y umalis ang batang 'yon," tumatango niyang sabi, nanlumo ako. **"Halika't tumuloy ka na muna. Kanina pa naman umalis iyon at baka pauwi na rin."**

Tumuloy ako at agad na bumungad sa 'kin ang mag-asawang Enrile. Halos mapatalon pa si Mrs. Enrile nang makita ako.

"Kumusta, tita?"

"Omo! I missed you, baby! How have you been?" si Mrs. Enrile.

Doon nagsimula ang kwentuhan namin. Syempre, naro'n na naman ang pagpapakain niya sa 'kin ng baked cakes niya at kung ano-anong masasarap na lemonade. Si Mr. Enrile ay masaya ring makita ako at nakipagkwentuhan sa 'kin. Napakarami nilang tanong na sinasagot ko naman kaya hindi ko namalayan ang oras.

Dumidilim na pero wala pa rin si Sensui.

"Dito ka na mag-dinner, Maxi!" masayang sabi ni Mrs. Enrile.

"Naku, hindi na, tita."

"Please? Na-miss talaga kita! And besides, I prepared seafoods for dinner! For sure ay magugustuhan mo iyon!"

"Okay, tita," sagot ko, nagbabaka-sakaling habang kumakain ay dumating si Sensui.

Pero nabigo uli ako. Sa kabila nang mahaba na namang kwentuhan habang kumakain ay walang dumating na Sensui. Pagpatak ng alas dies ay nagdesisyon na akong magpaalam para umuwi. Bagaman nakanguso ay masaya pa rin akong inihatid ng mag-asawa sa gate at pinanood ako hanggang sa makaalis.

Saan naman kaya nagpunta 'yon? Gabing-gabi na, wala pa. Tss.

Tinanong ko ang parents niya pero maging sila ay hindi alam kung nasaan si Sensui. Hindi na ako nangulit pa kasi baka magtaka naman sila masyado. Pwede kasi nila akong tanungin kung bakit hindi ko alam? Kasunod no'n ay tatanungin na nila ako kung hindi ba kami nagkakausap? Posible rin nilang i-suggest na tawagan ko si Sensui. Na hindi ako handang gawin. Hindi ako handang kausapin siya sa telepono habang kaharap ko ang mga magulang niya. Natatakot din ako na baka hindi niya sagutin iyon. Na posibleng mas ipagtaka ng mga magulang niya. Ayaw kong ipaalam sa kanila na matagal na rin kaming hindi nagkikita. Lalo pa at ang idinahilan ko ay masyado akong busy sa pag-aaral kahit na ang totoo ay hindi naman gaano.

Dumating na naman ang sumunod na linggo. Umaga pa lang ay tinadtad na kami ng quizzes. Kaya naman tanghalian na bago ko muling maalalang puntahan si Sensui. Matapos kong magpaalam sa mga kaibigan ay dumeretso agad ako sa tertiary. Sa mismong classroom nina Sensui.

On-going ang klase. Kaya naman mula sa labas ay tinanaw ko na lang ang mga nakaupong estudyante nang hindi naaagaw ang atensyon nila. Mahirap na at baka masita ako ng propesor.

May kung anong tumalon sa puso ko nang makita si Sensui. Para akong elementary student na tuwang-tuwa matapos makita ang ultimate crush niya. Kunot na kunot ang noo niya at titig na titig sa nagsasalitang propesor. May oras din na magsusulat siya 'tsaka muling ibabalik sa nagtuturo ang paningin. Pinanood ko siyang paulit-ulit iyong gawin.

Pero ilang minuto na ang lumilipas hindi pa rin sila nadi-dismiss sa klase. Gusto kong mainis dahil syempre hindi naman ako sanay nang gano'n. Nasanay akong ilang minuto bago mag-alas dose ay pinalalabas na ang mga estudyante para mag-lunch. Pero sa kanila ay mukhang hindi gano'n. Hindi ko naman magawang magreklamo dahil posibleng baka gano'n ang college students. Idagdag pa na naalala kong minsan niya nang nabanggit sa 'kin na madalas silang mag-early lunch at kung minsan naman ay late lunch.

Nang mag-text si Naih ay kinailangan ko nang bumalik. Bago umalis sa pwestong 'yon ay muli ko pang sinulyapan si Sensui. Naninibago ako dahil dati-rati ay nararamdaman niya ang presensya ko. Humina iyon ngayon. Napabuntong-hininga ako at nakayukong naglakad papalayo.

Patapos nang kumain ang mga kaibigan ko nang makarating ako sa canteen. Hindi na sila nagtanong. Hindi na rin ako kumibo. Kumain na lang ako at nag-isip hanggang sa makabalik uli sa klase.

Kinabukasan ay gano'n uli ang ginawa ko nang mag-lunch break. Pinuntahan ko si Sensui sa classroom ngunit gaya kahapon ay hindi natapos ang klase nila sa oras ng vacant ko. Nanlumo ako, nalungkot. Pero wala akong nagawa kundi ang bumalik na lang uli sa mga kaibigan at sumabay sa kanilang kumain.

Nang sumunod na araw ay ginawa ko uli 'yon. Pero hindi tulad nang mga nakaraang araw, sa sandaling iyon ay nag-text ako kay Sensui. At matapos kong i-send 'yon ay tinanaw ko siya. Tutok na tutok na naman siya sa nagtuturo.

Napangiti ako nang tingnan niya ang cellphone. Ngunit ang ngiti ko ay unti-unting nawala nang makita ko kung paano siyang napabuntong-hininga nang may mabasa. Hindi man lang nag-abalang sumagot at basta na lang isinilid pabalik ang cellphone.

Kumunot ang noo ko, nagtaka sa inakto niya. *Bakit hindi siya sumagot?* Pinalis ko agad ang masamang pakiramdam. Inisip ko na posibleng natatakot siyang mahuli ng propesor.

Hindi nga naman tamang mag-text siya habang nagkaklase. Baka mamaya ay sagutin niya ang text ko.

Sinulyapan ko pa siya nang minsan 'tsaka ako nagdesisyong umalis.

"Hindi ka ba nilalabas ng boyfriend mo?" nagmula sa likuran ko ang tinig na 'yon.

Napalingon ako. **"Oh, Lovemir."**

Ngumiti siya. **"Hi."**

"Saan ka galing?"

"Sa labas ako nag-lunch," aniya. Tumango lang ako. **"Kumain ka na?"** tanong niya. Hindi ako sumagot. **"Paniguradong hindi pa,"** nakangiting aniya 'tsaka iniabot sa 'kin ang isang paperbag. **"It's a Korean food so I bet you'll eat it."**

Hindi ko malaman ang gagawin pero sa huli ay tinanggap ko rin 'yon. **"Salamat."**

"'Wag mo ugaliing magpagutom, makita lang ang boyfriend mo. Hindi niya magugustuhan 'yon," aniya saka nilampasan ako.

Hinabol ko siya ng tingin 'tsaka ko tiningnan ang paperbag na ibinigay niya. *Tss.* Sumunod ako nang makalayo siya.

Malungkot ako. Sobra. Lalo na nang lumipas ang araw na 'yon nang hindi ako nakatanggap ng sagot mula kay Sensui. Lalo tuloy lumalakas ang pakiramdam ko na umiiwas din siya sa 'kin.

Dumating ang Huwebes. Iniba ko ang oras nang pagpunta sa classroom nina Sensui. Bago rin ako pumunta ay nag-text ako na dadaan sa classroom nila. At patungo na sana ako nang mag-ring ang cellphone ko.

"Oh?"

"Go to the Dean's office. Now," boses ni Maxwell.

"Bakit?"

"Your brother is there." Halatang wala siya sa huwisyo.

"Si Maxrill, bakit?"

"Just go." Ibinaba niya ang linya matapos no'n.

Bakit nandoon 'yon?

Wala akong nagawa kundi ang sumunod. Nagpunta ako sa Dean's office at nagulat nang makitang nandoon nga si Maxrill. Kunot na kunot ang noo habang nakasimangot at magkakrus ang mga braso. Bukod sa kaniya ay nandoon din si Chupan na walang tigil sa kadadada at mukhang nagrereklamo.

"Aba, eh, nakakasawa nang pagalitan!" angil ni Chupan, si dean ang kausap. **"Sino ang hindi maiinis? Aba'y sa araw-araw na lang sa klase ko, bigla na lang tumatayo iyan at namimigay ng cookies sa mga kaklase niya! Tinatanong ko naman 'yong ibang proctor—hindi naman daw ganoon sa kanila ang batang 'yan! Nananadya na yata, dean!"**

Syempre, nanlumo ako. Dahil si Chupan 'yon ay paniguradong mahaba-haba na namang talaktakan 'to. Pinagagalitan niya si Maxrill na wala namang ginawa kundi ang samaan lang siya ng tingin. Syempre, mas nagagalit si Chupan kapag gano'n. Lalo pa at lalaki ang kapatid ko, nagagawa niya 'tong singhalan nang singhalan. Hindi gaya no'ng ako ang estudyante niya.

Pero wala ro'n ang isip ko. Maging ang katawan ko ay nakikisama sa isip ko. Panay ang tingin ko sa cellphone kung sumagot si Sensui pero nabigo na naman ako.

Matapos kong makipag-usap kina Dean Enrile at Mr. Ciufan ay hinarap ko si Maxrill.

"Kailangan mo nang iwasan ang kumain sa loob ng klase kung hindi naman kinakailangan,"kunot-noo kong sabi. **"Baka sa susunod niyan ay pagbawalan ka na?"**

"His subject is boring. I prefer eating than listening, *Noona*."

"But you have to listen to him. What if you fail his subject? Magagalit sa 'yo ang mommy mo."

"Why she'll get mad at me? Why not to that teacher? He's annoyingly boring."

"Maxrill, 'wag nang matigas ang ulo. You also have to listen," seryoso kong sabi, ngumuso siya. **"Sige na, bumalik ka na sa klase mo."**

"No. I'll wait for yaya, she's going to bring my lunch here."

"Hindi ka pa rin nabubusog?"

"What's your problem!"

"Tss. Sige na," sinenyasan ko siyang umalis na. *Napakaisip-bata.*

Kinuha ko ang cellphone nang makalayo siya 'tsaka naglakad papunta sa tertiary. Pero dahan-dahan akong natigilan nang mabasa ang text ni Sensui.

From: Sensui

Kanina pa kita hinihintay dito. Hindi ka naman pumunta.
Sa mall kami kakain nina Tob at Lee. Kumain ka na rin.
12:34PM

I received that text message a few minutes ago. Lalo akong nanlumo. Napayuko ako at napapikit, sunod-sunod ang buntong-hininga.

Umiling ako. Kailangan mo siyang intindihin, Maxpein. Sige, hayaan mo na muna. May bukas pa naman at marami pang susunod na araw. Huminga ako nang malalim 'tsaka ko sinagot ang text niya.

Compose Message

To: Sensui

Ayos lang. May dinaan din kasi ako. Bukas na lang siguro tayo magsabay. Sana maabutan kita. Matinong usapan 'yan, ah? J

Message Sent!

Ilang saglit pa akong naghintay habang nakatayo sa gitna ng quadrangle pero wala akong natanggap na reply. Hindi ko naiwasang mapapikit muli nang maalala ko ang hitsura niya kahapon nang isilid ang cellphone matapos basahin ang text ko. Kung text ko nga iyon.

Magkausap lang kayo, magiging ayos na uli ang lahat. Pinaasa ko ang sarili ko sa sinabing 'yon ng isip ko.

Kinabukasan ay maaga akong pumasok at pagkarating sa campus ay tinawagan ko si Sensui. Hindi pa man natatapos ang unang ring ay sinagot niya 'yon na para bang hawak niya ang cellphone at aksidente lang 'yong napindot.

"Nasaan ka?" agad kong tanong.

Matagal bago siya nagsalita. **"Kagigising ko lang,"** parang inaantok pang sabi niya. Kumunot ang noo ko 'tsaka bumagsak ang mga balikat ko. **"Ang aga mo naman?"**

"May practice kami ng sayaw."

"I see."

"Gusto ko sanang makipagkita sa 'yo," hindi na 'yon sinlambing ng plano ko. May kung anong inis na namuo sa dibdib ko. **"Kailan ba kita makikita?"**

"Mamaya, magkita tayo. Ibababa ko na 'to, kikilos na rin ako para maaga akong makapunta dyan."

"Okay," sa inis ko ay ako ang unang nagbaba ng linya saka dumeretso sa social hall.

Nando'n na ang karamihan sa mga kasama ko kaya naman agad kaming nakapagsimula. Pero wala ako sa huwisyo. Siya pa rin ang nasa isip ko. At ang nararamdaman kong 'yon ay lumabas sa pagsasayaw ko. Hindi ako magawang sitahin o punahin ng mga kasama ko kasi nakakasabay pa rin naman ako. Hindi nga lang iyon katulad nang normal na pagsasayaw ko.

Tumawag ako ng break matapos ang dalawang kanta. Pare-pareho kaming kaya pa pero gusto kong huminto para tingnan ang cellphone ko. Gusto ko ring tingnan ang labas dahil kung papunta na si Sensui rito.

"Learn to focus on something while waiting. It can help you, a lot." Nang walang ano-ano'y sinabi sa 'kin ni Lovemir ang linyang 'yon habang nakatalikod ako. Nilingon ko siya. **"Waiting sucks. But if you receive a blessing after waiting then it's all worth it."**

Sasagutin ko pa sana siya pero biglang tumunog ang cellphone ko. May kung ano na namang tumalon sa tuwa sa loob ng dibdib ko nang makita ang pangalan ni Sensui.

"Hello?" kinabahan ako matapos sagutin 'yon.

Naisip ko kasi na baka kaya siya tumawag ay dahil sasabihin niya na namang hindi siya makakapunta.

"I'm on my way there," sabi niya, nakagat ko ang labi.

"I'm waiting," sabi ko habang saka tumingin kay Lovemir na kasalukuyang nakatitig sa 'kin at nakangiti.

"Okay," siya ang nagbaba ng linya.

Nakangiwi na si Lovemir nang muli kong tingnan. **"That's nice. I thought he's going to make you realize that you shouldn't have waited."** Tumawa siya.

Hindi ko na siya sinagot, sa halip ay tumingin uli ako sa labas. Natanaw ko si Sensui na naglalakad sa pathway. Hindi ko naiwasang mapangiti. Ngunit ang ngiting 'yon ay unti-unting nawala nang makita ko kung sino ang kasama niya.

You shouldn't have waited...

Sa hindi malamang dahilan ay umugong sa pandinig ko ang mga huling salitang sinabi ni Lovemir.

OceanofPDF.com

CHAPTER 199

EERAH'S POV

PAPASAKAY NA sana ako sa kotse nang tumawag si Almeyra. **"Hello, Almeyra?"** nakangiti kong sagot. **"Napatawag ka?"**

"Well, I'm bored, bigtime!"

"Do you want me come over?" biro ko.

"No. I know you're busy." Bumuntong-hininga siya. **"Gusto ko lang marinig ang boses mo para maiba ang feeling ko."** Tumawa siya.

"Where are you?" natatawa ko ring tanong.

"Pumunta akong Baguio. Akala ko ay mag-e-enjoy ako pero hindi dahil malamig din dito. Sawa na ako sa lamig, Eerah, gusto kong mainitan."

"Sana ay isinama mo ang asawa mo, kung gano'n." Sabay kaming natawa.

"Anyway, babalik na 'ko sa 'Tate. May party tayo before I go."

"Na naman?"

"Oh, come on! Are you tired of me?"

"Kidding aside! When?"

"A week before I leave. Alam mo naman, kailangan ko pa ring mag-relax bago bumalik sa America kasi puro stress na naman ang aabutin ko doon."

"So ngayong weekend ulit?"

"Pool party."

"Wow! Now I'm excited!"

"Tell Lovemir to come."

Sandali akong natigilan. **"Sure, I will."**

"Okay. See you, then." Ibinaba niya ang linya.

Napalingon ako pabalik sa campus. *Nasa loob pa kaya siya?* Nagdesisyon akong pumasok uli. Tinawagan si Lovemir. *Damn, why aren't you answering, Lovemir?* Nagpaikot-ikot ako sa pathway habang pinakikinggang mag-ring nang mag-ring ang linya niya. Napapairap kung saan-saan sa sobrang inis. Pagbaling ko sa likuran ay natanaw ko si Deib

Lohr. Nakapamulsa siyang naglalakad papunta sa gawi ko at mukhang hindi ako napansin.

Ibinaba ko ang tawag at inilagay ang pareho kong kamay sa likuran habang hinihintay ang paglapit niya. **"Hi, Lohr!"** panggugulat ko.

"Eerah Anitha."

"Where are you going?"

"Sa girlfriend ko." Itinuro niya ang daan papunta ro'n.

Nagliwanag ang mukha ko. **"I'm also planning to go there. May I join you?"**

"May kailangan ka sa girlfriend ko?"

Natawa ako. **"No. Si Lovemir ang pupuntahan ko."**

"Okay." Tumango siya saka nagpatuloy sa paglalakad.

Agad naman akong sumabay. **"I hope you won't mind if I ask this pero napansin kong madalang ko na kayo makitang magkasama ng girlfriend mo?"** Nakahawak sa labing puna ko. **"Hindi ko alam kung ilang days or weeks ang lumipas na nakikita at napapansin kitang loner. I mean dati ay madalas kitang makitang mag-isa pero dumarating agad siya. Alam mo 'yon? Is there something wrong with you guys?"**

"Mukhang bantay-sarado mo kami, ah?" biro niya, nakitawa na lang ako. **"I've been very busy lately."**

Natawa ako. **"Really? Wala naman tayo masyadong ginawa, ah?"** panghuhuli ko. **" Although may mga ipinauwing projects, naraming araw na walang pasok, kaya may time gawin. Hindi rin naman gano'n kahirap ang mga 'yon. How about her, was she busier?"**

"I was just busy." Naging seryoso na siya kaya hindi na ako nagsalita.

Natanaw ko si Lovemir sa bukana ng hall. Napangiti agad ako. Ngunit agad din 'yong napalis nang makita kong kasama niya si Maxpein. *Err. Bakit ba parati siyang dumidikit kay Lovemir? Wala ba siyang friends o ibang kakilala na pwedeng makasama o dikitan parati?*

Nawala ang pagkakakunot ng noo ko nang sumulyap sa gawi namin si Maxpein. Kasunod no'n ay lumingon si Lovemir. Gusto kong matawa. Parang may kung anong radar itong si Maxpein para maramdaman ang presensya ng nobyo niya. Agad kong ikinawit ang kamay ko sa braso ni Deib Lohr na siyang ikinagulat nito.

"Ang galing mo kanina sa reporting, ah? Bumilib ako sa 'yo. As in, promise!" Itinaas ko pa ang kanang kamay.

Umaliwalas ang mukha niya saka ngumiti. **"Pinaghirapan ko 'yon. I deserve those words."** Halatang pati siya ay humanga sa sarili.

"Halata nga. Congratulations, then, we are all impressed!"

"Thanks."

Muli kong nilingon sina Maxpein at Lovemir. Pareho silang seryoso. Si Maxpein ay nakakunot ang noo, salubong na salubong ang mga kilay. Habang si Lovemir naman ay nakakunot ang noo, nakataas naman ang isang kilay.

"May practice pala kayo ng sayaw." Sabi ni Lohr nang makalapit kami nang tuluyan. Tumango lang ang nobya. **"Tapos na?"**

"Magsisimula pa lang." Itinuro ni Maxpein ang dalawang silya. **"Doon na muna kayo. Sandali lang 'to."**

Nagulat ako nang hilahin ni Lohr ang silya at ibigay sa 'kin. **"Thanks."** Hindi ko agad naialis ang tingin sa kaniya. Palibhasa'y hindi ako karapat-dapat sa pagiging gentleman niya.

Nagsimula ang tugtog. Bumuo ng formation ang grupo kung saan parehong nasa unahan sina Maxpein at Lovemir. Itinutok ko ang paningin kay Lovemir, swabeng swabe siya kung sumayaw. Kung ako ang tatanungin ay parang nilalaro niya lang ang mga dance steps, hindi pa bigay na bigay. Paulit-ulit lang ang steps hanggang sa makarating 'yon sa kalahati. Hindi mo aasahang magpapalit ang kanta. Naging mabilis ang tugtog gano'n na rin ang pag-indak nila.

Napapa-headbang ako, nakakatawang isipin. Pero kahit na sino sa tingin ko ay mapapasayaw o mapapasabay sa indak kung panonoorin sila. Nakakalibang manood, humahanga ako lalo dahil sabay-sabay sila at walang nagkakamali maski isa. Alam kong halos lahat ng dancers na naro'n ay hindi pa bigay na bigay at nilalaro lang ang practice. Pero sa gano'ng paraan ay napapahanga na nila ako.

Ilang saglit pa ay bumalik sa naunang tugtugin ang kanta. Nang lingunin kong muli si Lovemir ay kaharap niya na si Maxpein. Doon ko lang napansin na halos lahat sila ay pares-pares na. Nakangiti si Lovemir sa kaharap at ang kaninang paglalaro niya sa dance steps ay naging bigay na bigay na. Hindi dahil gusto niyang magpasikat kundi dahil mukhang nag-e-enjoy na siya.

Mayamaya ay pareho na silang nakangiti sa isa't isa at may pinagbubulungan pa. May steps na pumupunta si Lovemir sa likuran ni

Maxpein at saliwa ang dance steps nila. Sa kaliwa papaling si Maxpein habang sa kanan naman si Lovemir.

May kung ano sa dibdib ko ang sumikip, naging mabilis ang paghinga habang pinapanood sila. Naging matunog din ang pagbuntong-hininga ko. Pakiramdam ko ay ayaw ko nang manood pero hindi magawang umiwas ng katawan ko.

What the hell, Eerah? What the hell?

Nilingon ko si Lohr, seryosong-seryoso siya. Bahagya pa ngang nakakunot ang noo habang tutok na tutok ang mga mata sa nobya. Bawat kilos ng babae ay pinanonood niya, pinag-aaralan ang bawat galaw na ginagawa nito.

"Magaling sumayaw ang girlfriend mo, ah?"

Dahan-dahan akong nilingon ni Lohr, parang ayaw alisin sa nobya ang paningin. **"Mm, isa sa mga minahal ko sa kaniya."**

Napapamaang ko siyang nilingon saka ako napahagikhik. Hindi ko inaasahan ang sagot niya. **"Mukhang mahal niya rin ang pagsasayaw."**

"Matagal na siyang dancer. Akala ko dati ay sumali lang siya sa dance troupe para sa scholarship pero hindi. Mahal talaga niya ang pagsasayaw."

Napatitig uli ako sa kaniya. *He really loves this girl.*May kung anong inggit sa 'kin sa mga sagot niya. Hiniling ko nang sandaling 'yon na sana ay gano'n din ang iniisip sa akin ng taong mahal ko.

Nakangiti akong umiling, hindi agad naalis kay Lohr ang paningin ko. Ang paraan niya nang pagtingin sa nobya ay kakaiba. Mababasa doon ang paghanga ngunit sadyang kapansin-pansin ang pagiging seryoso niya. Sanay ako sa kengkoy na Lohr. Iyong parang bata. Parating nakasimangot at nakanguso kahit na anong ginagawa. Malayo sa nakikita ko ngayon.

Nilingon kong muli si Maxpein at talagang magaling siyang sumayaw. Pareho sila ni Lovemir. Well, Lovemir loves music. He loves to sing and dance. Kahit na anong gawin niya ay parati niyang kabuntot ang musika. Walang araw na dumaang hindi siya nakikinig dito. Nakakatawa pa nga dahil minsan ay nabanggit niya sa 'kin na kapag hindi niya gustong makinig sa lecturer ay kumakanta na lang siya sa isip hanggang sa matapos ang buong klase. He can't go on a day without music. It's his life. Halos lahat ng instrumento ay alam niyang tugtugin at talaga namang sa lahat nang iyon ay magaling siya. Kahit na sinong babae ay napapahanga kapag naririnig siyang tumugtog at nai-in love kapag nagsimula na siyang kumanta. Isa rin

'yon sa mga dahilan kung bakit napalapit ako nang husto sa kaniya. We both love music. But he loves it more than I do. May kakaiba siyang relasyon sa musika na kahit na sinong makarinig ay muling hahanga at magiging interesado.

Bumalik ang atensyon ko nang muling nagbago ang dance steps. Para sa akin ay sexy iyon. Panay ang kembot ng mga babae habang bumabakod naman sa kanila ang mga lalaki. Napalingon uli ako kay Deib Lohr nang marinig ko ang matunog niyang buntong-hininga. Nilalaro niya ang labi gamit ang daliri habang titig na titig pa rin sa nobya. Umawang ang labi ko saka ako napangisi.

Ano naman ang iniisip niya? Pakiramdam ko ay may kung anong idinudulot kay Lohr ang steps na 'yon. *Ang sama ng isip ko! Hahaha!*

Sa sobrang pag-iisip ko ay hindi ko napansing natapos na pala ang kanta. Pero nagawa ko pa ring panoorin ang mga kilos ni Lovemir. Gano'n pa rin ang epekto niya sa 'kin. When I finished watching him dance, something inside me makes me want to see more. More of him. Always.

Pumalakpak ako dahilan para lingunin ako ng lahat. **"Ang galing,"** bulalas ko. Walang pumansin sa 'kin.

Pumasok si Lovemir sa changing room kasunod ang iba pang myembro. Ilang saglit lang ay lumabas din sila. Inayos niya ang gamit ilang metro ang layo sa 'min, pinanood ko pa rin siyang gawin 'yon. Doon ko na hindi maintindihan ang sarili ko.

Bakit ko ba ginagawa 'to? Psh! Pwede mo siyang i-text o tawagan para sabihin ang invitation ni Almeyra, Eerah. Hindi mo na siya kailangang puntahan pa. Hindi ka ganito. Hindi ka na ganito.

Bigla ay hindi ko malaman kung bakit ako naroon. Hindi ko alam kung bakit pa ako pumunta doon. Wala akong mahitang dahilan sa sarili ko, hindi sapat ang naisip ko. Para akong dahon na basta na lang inilipad ng hangin papunta sa lugar na 'yon. Kahit na wala namang valid reason ay pumunta pa rin ako. Alam kong pwede akong kuwestyunin ni Lovemir, inaasahan ko na 'yon. Kasi hindi na ako ganito, matagal na akong hindi ganito sa kaniya. Mula nang maghiwalay kami ay hindi ako pumupunta sa kaniya para lang maghatid ng balita, imbitasyon, impormasyon o kung ano pa. Maganda man iyon o hindi. Ngayon na lang uli.

Hindi gaya nitong kasama ko na kanina pa tatahi-tahimik at naghihintay lang sa girlfriend.

Bagong t-shirt na rin ang suot ni Maxpein nang lumabas mula sa changing room. Sinalubong siya ni Lovemir, may pinag-usapan sila. Kumukunot ang noo ko sa t'wing makikita si Lovemir na ngumingiti sa kaniya. Ang ngiti na siyang nakapagpapatibok nang matindi sa puso ko noon. Hindi ko alam kung ang lahat ay nakikita iyon pero may kakaibang makikita sa mga ngiti ni Lovemir. Marahil ay dahil madalang siya kung ngumiti, pero once na ngumiti siya ay literal kang matutulala. Napakagwapo niya sa t'wing nakangiti. Napakaperpekto ng mga ngipin niyang sobra ring puti. Ang labi niyang mamula-mula kagaya ng mga pisngi ay sadyang kaakit-akit. At ang ilong niyang katamtaman lang ang tangos ay sadyang bumagay sa maliit ngunit pahaba niyang mukha.

Dati-rati ay may kung anong kilig na dulot sa 'kin ang ngiting 'yon. Nothing feels better than seeing him smile back then. Ngayon kailangan kong aminin na masaya man akong makita uli 'yon ay nalulungkot na ako sa katotohanang hindi na ako ang dahilan niyon.

Sabay silang lumapit sa gawi namin. Agad na tumayo si Lohr para kunin ang gamit ng nobya. **"May dala kang motor?"** seryoso niyang tanong. Kakaiba at nakakapanibago talaga ang pagiging seryoso niya.

Jealous maybe? Psh.

"Meron," ang tanging sagot ni Maxpein.

"I see," tumango si Lohr. **"Mabuti naman. Hindi kasi kita maihahatid ngayon."**

Gulat akong napalingon sa kaniya. *Pinuntahan ang girlfriend pero hindi maihahatid?* Wala namang nakakagulat sa bagay na 'yon pero sadyang kataka-taka. Pakiramdam ko ay may kung ano talagang mali sa dalawa. *I mean, 'yon na 'yon? Nag-effort talaga siyang pumunta dito para panoorin si Maxpein? Okay.*Napaiiling kong tiningnan si Lohr na ilapag ang kinuhang gamit ni Maxpein.

Sandaling natigilan si Maxpein 'tsaka napapahiyang tumango. **"Ayos lang, kaya ko namang umuwing mag-isa."** Sinsero niyang sinabi 'yon pero hindi nakatanggap ng sagot mula kay Lohr. **"Uuwi ka na ba agad?"**

"Oo sana, kung ayos lang?" ani Lohr. Hindi agad nakasagot si Maxpein. Ako man sa lugar niya ay hindi agad makasasagot.

What's up with you, Lohr?

May kung ano sa loob kong gustong matawa. Para siyang babae na galit sa nobya, hindi sinasabi pero ipinaparamdam. Tapos kapag tinanong ay tatanggi at muling ipaparamdam.

So gay! Hahaha!

"Sige, tatawagan mo naman ako mamayang gabi, 'di ba?" umaasang tanong ni Maxpein. Gusto kong matawa sa pananalita niya. Nawiwirduhan ako sa punto niya, parang lumaki sa kalye kung magsalita.

"I will," lumapit si Lohr at hinaplos sa buhok si Maxpein. Hinalikan niya ang nobya sa noo.

Lalo lang tuloy akong nagtaka. Kasi kung ako ang tatanungin ay nababasa ko kay Lohr kung gaano siyang nanabik sa nobya sa simpleng halik na ginawa niya.

"I love you," pabulong niya pang sinabi.

"I miss you," emosyonal ang naging tugon ni Maxpein.

God, what a heart-breaking scene. I'm wondering...ano kayang hitsura ko? Psh.

Pero ang mas ikinagulat ko ay nang kumaway si Lohr sa 'min bilang paalam at nagdere-deretso papalabas ng hall. Napamaang ako pero agad ding nilingon si Maxpein. Malungkot niyang pinanood ang paglayo ng nobyo. Napalingon din tuloy ako kay Lohr na kakamot-kamot sa batok habang papalayo nang papalayo.

Running away from your problems is a race you'll never win, Lohr. Tsk tsk tsk.

"What are you doing here?" bigla ay nangibabaw ang tinig ni Lovemir dahilan para ito naman ang lingunin ko. Nakakakaba ang inosente niyang tingin. Para bang isang milagro ang puntahan ko siya at panoorin.

"I came here to see you."

"Of course. Do you need anything?" parang bagot na bagot niyang anong.

Umiling ako. **"No. Wala naman."**

"I see," tumango lang siya 'tsaka ngumiwi. Sandali akong tinitigan 'tsaka nilingon si Maxpein. **"Do you want to eat outside?"** tanong niya rito na ikinabigla ko. Pero kakatwang parang hindi siya narinig ni Maxpein. **"Hey, Max?"**

"Ha?" inosenteng tugon ng babae.

Natawa kunyari si Lovemir. **"May gusto ka ba 'ka kong kainin?"**

"Bakit?"

"You said you're hungry." Bumuntong-hininga si Lovemir 'tsaka kinuha ang gamit ni Maxpein na pareho naming ikinagulat. **"Let's go and buy something to eat, shall we?"**

Napalingon sa 'kin si Maxpein, nagugulat. Bago niya muling nilingon si Lovemir. **"Okay,"** parang mauutal niya pang sabi.

Nilingon din ako ni Lovemir. Ang paraan niya nang pagkakatitig ay para bang kataka-takang humihinga pa ako sa harap nila.

"Yes?"

Naituro ko ang sarili, tumango si Lovemir. **"Yes, what?"**

"May kailangan ka pa ba?"

Damn. Hindi ko maintindihan kung bakit ang simpleng tanong na 'yon ay parang batok sa ulo ko. **"Wala na."** Taas-noo kong isinagot.

Pero mas nagulat ako nang hindi niya na ako sagutin pa. Sinenyasan niya na lang si Maxpein at saka sila umalis. Hindi ako makapaniwalang naiwan ako ro'n na mukhang tanga. Nakatayo lang at nakatanaw sa paglayo nila. Syempre, ipinagtaka ng mga naiwan do'n ang presensya ko kaya nang makalayo ang dalawa ay lumabas na rin ako.

Damn you for doing this, Lovemir. Shame on me.

LOVEMIR'S POV

"Are you okay?" I asked Maxpein but didn't get a reply. **"Hey, are you okay?"** I asked again.

Natutuliro siyang lumingon sa 'kin. **"Oo."**

"Bakit parang wala ka sa sarili?"

"Wala," umiling siya, nagkamot ng noo 'tsaka muling tumingala sa 'kin. **"Ikaw nga 'tong parang wala sa sarili."** Peke ang naging tawa niya sa huli.

Nagtaka ako. **"Why?"**

"Hindi mo naman ginagawa 'to."

"Ang alin?"

"Bakit mo 'ko niyaya? Nando'n 'yong asawa mo—"

"Ex," bago pa man niya matapos ang sasabihin ay pinangunahan ko na siya. **"Ex."**

"Okay," nakasimangot niyang sabi. **"Ex."**

"Hindi ko rin alam kung bakit siya nandoon. I was not expecting her."

"Baka nami-miss ka?" biglang biro niya. Napalingon ako sa kaniya at napatitig. **"Just kidding."**

"Tch. Hindi bagay sa 'yo," ngiwi ko. **"Where do you want to eat?"** pag-iiba ko sa usapan.

"Seryoso ka ba?" natatawa niya na namang tanong. Napalingon uli ako. **"Talagang kakain tayo sa labas?"**

"Imposible ba 'yon?" hindi ko na rin napigilan ang matawa dahil sa hitsura niya. Parang hindi talaga siya makapaniwala. **"What's wrong with that? You said you're hungry so I'm so asking you out. This means nothing. We'll eat outside because you're hungry. And besides, umalis ang boyfriend mo nang hindi ka tinatanong kung may gusto ka bang kainin."**

"Paano kung bawiin ko 'yong sinabi ko at sabihin sa 'yong umuwi na lang tayo?"

Tumaas ang kilay ko. **"No. Hindi tayo uuwi hangga't hindi ka nabubusog."** Ngumisi ako saka hinila ang kamay niya.

Wala pa mang ilang segundo ay bumitiw siya sa 'kin. Nilingon ko lang siya 'tsaka ako nagtuloy sa paglalakad. Tumuloy kami sa BIS Coffee Shop. Um-order ako ng dalawang frapuccino at dalawang banana nut bread. Habang inilalapag ng waiter ang mga 'yon sa harap namin ay naramdaman kong nakatitig siya sa 'kin. Nang makaalis ang waiter ay saka ako nag-angat ng tingin kay Maxpein. Buong tapang niyang nilabanan ang mga titig ko. Wala man lang mababasang anumang pagkailang sa kaniya. At mukhang gaya ko ay wala rin siyang balak na simulan ang usapan.

Kaya ako na ang sumuko. **"Don't stare at me like that,"** seryoso kong sinabi. **"Hindi ito date, 'wag mong bigyan ng ibang meaning. Kung ang kaibigang mong si Zarnaih man ang kasama ko ay hindi ako magdadalawang-isip na gawin 'to."**

"Hindi naman 'yon ang nasa isip ko," sagot niya. **"Anyway, thanks."**

Hindi na siya nakatingin sa 'kin nang muli akong mag-angat ng tingin. **"Ano ang nasa isip mo, kung gano'n?"**

Nakangisi siyang tumingin sa 'kin. Sumandal siya sa silya 'tsaka pinagkrus ang dalawang braso. **"Plano mo bang gamitin ako para umiwas o pagselosin ang girlfriend mo?"**

"Hindi siya gano'n kadaling magselos lalo na't kilala niya ang boyfriend mo."

"Kung gano'n ay iniiwasan mo nga siya?"

Ngumiwi ako 'tsaka nagkibit-balikat. **"Maybe?"**

"Why?"

"Dahil nakukulitan na ako sa kaniya," nakangiti at sinsero kong sagot na siyang nakapagpakunot muli sa noo niya.

Mukha naman siyang naniniwala. Hindi nga lang mawala sa kaniya ang pagtataka. Kinuha ko ang cellphone at ipinakita sa kaniya kung ilang missed calls at messages ang meron doon mula kay Eerah Anitha.

"Alam kong nagtataka ka. Ako kasi ang naghahabol sa kaniya." Tumawa ako. **"Noon lang 'yon. Iba na ngayon."** Nakangiwi siyang tumango-tango. **"I am worthy too."** Hindi ko naitago ang pagkadismaya nang sabihin 'yon.

Muli siyang ngumiwi. **"Ngayon mo lang na-realize ang halaga mo?"**

"Honestly? Yes." Tumawa ako uli. Saka kumagat sa tinapay na inaagaw ang atensyon ko dahil sa masarap nitong lasa. **"Masarap pala dito."**

Nilingon ko muli ang menu. Nakatingin pa rin si Maxpein sa 'kin nang lumingon ako pabalik. Bahagya akong natawa.

"Sabihin nalang nating napagod ako. Alam ko naman kasing hindi na maibabalik 'yong dating kami. Ayaw ko nang ipilit ang sarili ko kasi ako ang nagmumukhang tanga. At least I tried begging for another chance. I mean I'd rather look back at my life and laugh at myself for the things that I did. Instead of asking why I didn't and wishing that I did those things. I don't want to regret the chances that I didn't take. I don't want to look back bearing too much what if's." Hindi ko napansing nagtuloy-tuloy ang bibig ko. **"Ikaw?"**

"Ano?" ngumunguya niyang tanong.

"Bakit gano'n 'yong boyfriend mo?"

Sa tingin ko ay hindi ko na kailangang ipaliwanag kung ano ang napansin ko. Masyado siyang matalino kaya nasisiguro kong napansin niya rin 'yon.

Sumeryoso siya at hindi agad nagsalita. Saglit na katahimikan pa ang nangibabaw bago siya sumagot. **"Anong bakit siya gano'n?"**

"Hindi yata siya parang glue na nakadikit sa 'yo?" nakangisi kong tanong.

"Tss. Busy lang 'yon ngayon."

"Mukha nga," sarkastiko kong sagot. Nag-angat siya ng tingin at sinalubong ang mga mata ko. **"Ilang beses kitang nakikita na pumupunta sa room nila. Pero dahil hindi nila breaktime ay bumabalik ka na lang sa campus natin para hindi ma-late sa klase. Parati rin kitang nakikitang malungkot habang nakatitig sa cellphone. Akala ko nga ay nag-break kayo. Kanina no'ng makita ko siya ay saka ko lang nasabing hindi pa pala."** Sinikap kong 'wag matawa sa huli dahil baka magalit siya.

"Busy lang talaga siya."

"Lahat naman ng tao ay nagiging busy. Pero maraming paraan pagdating sa taong gusto at mahal mo."

Bumuntong-hininga siya at sobrang lalim no'n. **"May gusto ka bang sabihin?"** sumeryoso siya, 'ayun na 'yong angas niya. **"We're okay, we're just busy."**

"Okay," iniwasan kong maging sarkastiko pero nabigo lang ako.

Magsasalita na sana uli ako nang mag-ring ang cellphone ko. Tumaas ang kilay ko nang makitang si Eerah Anitha na naman 'yon. Sumenyas ako kay Maxpein saka sinagot 'yon.

"Yes?"

"Be careful who you share your weaknesses with, Lovemir," seryoso niyang sinabi. **"There's a reason why we're here."**

Napakurap ako saka pasimpleng lumingon sa labas ng coffee shop. Mula sa kinauupuan ko ay tanaw na tanaw ko si Eerah Anitha. Na kasalukuyang lulan ng kotse niya. Ang isang kamay ay nasa manibela habang ang isa pa ay nasa telepono. Deretso siyang nakatitig sa 'kin at batid kong alam niyang nakatingin din ako.

Napabuntong-hininga ako nang ibaba niya ang linya. Hindi ko agad inalis ang telepono sa tainga ko kahit wala na siya. Pinanood kong paandarin ni Eerah ang sasakyan papunta sa gawi namin. Ipinarada niya ang kotse sa harapan saka siya taas-noong pumasok at naglakad sa gilid namin.

Nagugulat kaming nag-angat ng tingin sa kaniya. **"Ang sweet niyo namang magkaibigan?"** sarkastiko niya pang sabi. **"Oh, Lovemir? Sa dami ng pwedeng puntahan, bakit naman dito pa? Ganito na ba ang taste mo ngayon when it comes to dating? Coffee shop? 'Sabagay, depende nga pala 'yon sa ka-date mo,"** nakakainsulto niyang dagdag. Tumaas ang kilay ko. **"Anyway, dumaan ako kasi may nakalimutan akong sabihin kanina. Masyado akong humanga sa pagsasayaw ninyo kaya nawala sa isip ko—"**

"Sabihin mo na agad, kung gano'n. Pangdalawang tao lang ang oras ko," nakakainsulto ko ring sinabi. Syempre, nagulat siya kaya 'ayun at mababasa agad ang pagtataray sa mukha niya.

"Almeyra's going back soon to America and she's inviting us again for a party."

"I'm not going." Deretso kong sagot na nakapagpatutula sa kaniya. Parang hindi pa makapaniwala. **"Yes, Eerah, I am not going."**

"But...what will I say to Almeyra?"

Natigilan ako 'tsaka natawa. **"Sabihin mo kung ano ang sinabi ko."**

"But Lovemir..."

"If that's hard for you then I'll call her later. I'll tell her."

"Bakit hindi ka pupunta?"

"Because I don't want to, Eerah. The party will go on even if I'm not present."

"Lovemir, she's our friend."

"I know. Not being able to attend her party doesn't mean our friendship is over."

"But she's expecting you to come."

"That's why I will call her later so she won't expect me to be there." Para bang hirap na hirap akong ipaliwanag sa kaniya ang pagtanggi kong pumunta. *I don't get this girl. Tch.* **"Eerah, what is your problem today?"** pandederetso ko pero tumitig lang siya sa 'kin. **"Look, I have a lot of stuff to attend to this weekend. I will be very busy. I will call her to say goodbye, don't worry."**

Tumitig lang si Eerah sa 'kin at hindi nagsalita. Napalingon tuloy ako kay Maxpein na nakatingin lang sa 'min at hindi malaman kung itutuloy ba ang pagnguya.

"Do you want to come, Maxpein?" bigla ay tanong ni Eerah. Pareho kaming nabigla ni Maxpein, hindi ito nakasagot.

"Eerah?" pabulong kong sambit.

"Please come with us, Maxpein. It's my friend, Almeyra's, party. Sa tingin ko ay sasama si Lovemir kung sasama ka."

"Tss, di ko naman 'yan kilala," ngiwi ni Maxpein.

"Eerah," muling pigil ko sa kaniya. **"Hindi sa ayaw kong pumunta. Sinabi kong busy ako ngayong weekend."**

"I don't believe you, Lovemir—"

"Bakit ba pinipilit mo akong pumunta? Hindi ba matutuloy ang party kung wala ako?"

"Kailangan mong pumunta ro'n, kaibigan natin si Almeyra."

"Kung gano'n ay siya dapat ang pumipilit sa 'kin at hindi ikaw. Besides, it's her party."

"Lovemir!" inis niyang singhal, lalo ko siyang hindi maintindihan.

Kunot-noo ko siyang tiningnan. Linabanan niya naman ang mga titig ko. **"Hindi kita maintindihan,"** natatawa akong umiling.

"Isama mo si Maxpein. Isasama ko si Lohr." Biglang sinabi ni Eerah saka kami tinalikuran at lumabas ng coffee shop.

Natutuliro ko siyang sinundan ng tingin at pinanood ang pagharurot paalis ng kotse niya. **"What the hell is her problem?"** bulong ko.

"Whew," napasipol si Maxpein, matagal bago ko siya nagawang lingunin. **"Gusto ka lang niyang makasama, 'yon lang 'yon."**

"I don't understand."

"Literal ka niyang gustong makasama."

"But why? She was avoiding me before, Maxpein. Hindi ko maintindihan ngayon ang iniaasta niya."

"It's girl thing," pabiro niyang sinabi.

"Sasama ka ba kung yayayain kita?" mayamaya ay tanong ko.

Nag-angat siya ng tingin at napatitig sa 'kin. **"Hindi ko naman kilala 'yong may party."**

"Ipakikilala kita," nakangiti kong sagot, nabigla siya. **"Kayo ng boyfriend mo. Ipakikilala ko kayo kay Almeyra. She's a good friend of mine—ours."**

"Okay." Bumuntong-hininga siya.

"Ayos lang ba sa 'yo 'yon?"

Napaisip siya. **"Wala namang masama. Pero syempre, kailangan ko munang magpaalam kay Deib. Kapag pumayag siya ay sabay siguro kaming pupunta ro'n."**

Gusto kong magtaka. Sa mababaw na pagkakakilala ko kay Maxpein ay hindi siya ganoon kadaling mapapayag. Kung tutuusin ay wala talaga siyang dahilan para sumama. Maiintindihan ko kung mahihiya siya. Lalo na at idinawit pa ng baliw na si Eerah ang kaniyang nobyo.

Inihatid ko si Maxpein sa parking nang matapos. **"Ingat ka sa pagmamaneho,"** nakangiti kong sabi.

"Ikaw rin. Salamat nga pala sa treat."

"Ang totoo ay hindi ko inaasahang papayag ka kaya salamat," sinsero kong sabi. Ngumiti lang siya. **"I'll see you tomorrow."**

"See you. Bye," aniya 'tsaka nagsuot ng helmet. Bumusina siya bago tuluyang umalis.

This is a good start. I hope you're being true to me, Maxpein. Dahil panghihinayangan kita.

Sa kalagitnaan ng pagmamaneho ay napangisi ako nang maramdamang may nakasunod sa 'kin. Pasimple kong sinulyapan ang mga salamin, may

itim na kotseng nakasunod sa 'kin. Sa kaliwa ay isa pang pamilyar na sasakyan.

Ano na namang mali ang ginawa ko ngayon? Tch.

Bahagyang nagulo ang traffic nang bigla kong ikambyo papunta sa gutter ang sasakyan. Nagdulot 'yon nang ingay sa mga kasunod kong sasakyan, binale-wala ko nalang. Ipinatay ko ang makina saka dali-daling bumaba. Narinig ko pa nang murahin ako ng estudyanteng nagmamay-ari ng sasakyang muntik nang bumangga sa akin. Isang dirty finger ang isinagot ko rito. 'Tsaka ko hinintay na makababa ang mga taong lulan ng sasakyang nakamasid sa 'kin.

Sumandal ako sa compartment ng kotse ko 'tsaka pinagkrus ang braso at paa habang naghihintay. Agad silang naglakad papalapit sa 'kin. At nang aambaan ako ng sapak ng isa ay agad kong iniiwas ang mukha ko. Nagsasawa na ang pisngi ko sa kamao niya.

"What did I do now?" inis kong singhal. Sinamaan lang nila ako ng tingin.

Lumapit ang isa sa 'kin at walang takot akong tinutukan ng baril sa noo. Gayunman ay hindi no'n binuhay ang takot ko. Nilabanan ko ang masama niyang tingin hanggang sa sukuan niya ako at magsalita.

"You got one last chance to change your path, Lovemir. One last chance," mariing nitong sinabi 'tsaka tinalikuran ako. **"Let's go."**

Nang makaalis ang mga ito ay nanggigigil kong tinawagan si Eerah Anitha. **"What the hell is your problem, Eerah?"** Pinuno niya ng tawa ang kabilang linya. **"You're fucking crazy."**

"Yes, I guess I am." Muli siyang tumawa nang tumawa. **"Bakit ba hindi ka na lang magpasalamat sa huling tyansa na meron ka?"** Sandaling natahimik ang linya namin. **"Hihintayin kita sa party ni Almeyra sa Sabado at exactly 7:00 PM. Kapag hindi kita nakita, alam mo na kung ano ang mangyayari. Bye."** Ibinaba niya ang linya.

What do you want from me now? You want this, Eerah. This is what you want me to do. Now that I'm beggining to get over you, you're acting like shit.

Alam kong kahit papaano ay may kaunti pa rin akong nararamdaman kay Eerah. Hindi agad mawawala 'yon kahit pa gano'n kasakit ang mga ginawa niyang pagtataboy at pamamahiya sa 'kin. Pero hindi na ganoon katibay ang pundasyon niyon para magpauto ako.

Matapos may mangyari sa 'min no'ng huli ay nagising na lang akong wala nang pakialam. Kakaiba at napakabilis pero masarap sa pakiramdam. Dahil para akong nagising sa isang bangungot na matagal kong hinayaang lamunin ako sa pagtulog. May pakialam pa rin ako sa kaniya bilang tao na minahal ko. Pero ayaw ko nang maghabol gaya nang ginawa ko. Nagsawa na siguro akong magmukhang tanga at kawawa kahit hindi halata. Ako mismo ang naaawa sa sarili ko at hindi ko gusto ang pakiramdam na 'yon.

DEIB'S POV

BOBO! BOBO!

Paulit-ulit kong pinagalitan ang sarili habang nagmamaneho pauwi. Gustong-gusto kong makasama si Taguro, matagal kong tiniis 'yon. Pero kanina ay halos isumpa ko ang sariling isip habang pinapanood siyang magsayaw. Napaka-sexy ng dating no'n sa 'kin. At kung ano-anong bagay ang naglalaro sa isip ko, hindi ko nagugustuhan. Kaya kahit na gusto ko pa siyang makasama ay mas pinili kong iwan siya. Ngayon tuloy ay nag-aalala ako sa iniisip niya.

Kailangan mong pigilan ang sarili mo, Deib. Dahil baka kung ano na naman ang magawa mong kababalaghan.

Naabutan ko si mommy sa sala nang makauwi. Syempre, nagpapakwento siya nang kumustahin ang araw ko. Parang hinang-hina akong nagkwento, wala sa huwisyo. Kahit ako ay hindi maintindihan ang mga ikinukuwento ko, paikot-ikot at paulit-ulit lang 'yon. Nagpapabalik-balik sa isip ko ang paraan nang pagsayaw ni Maxpein. Ilang beses ko na siyang nakitang sumayaw nang kumekembot pero kakaiba ang dating no'n ngayon.

Masama na yata 'tong isip ko. Kailangan ko talaga muna siyang iwasan!

Pakiramdam ko ay iyon na ang pinakamalaki kong problema. Dahil kung hindi ay bakit maging sa pagkain ay 'yon ang laman ng isip ko? Parang walang ako sa sarili at nakalutang lang. Kinukumusta ng pamilya ko ang pag-aaral ko pero para akong binging walang naririnig. Maging ang kalusugan ko ay tiningnan ni mommy para masigurong wala akong sakit. Hanggang sa pagligo ay panay ang pag-iisip ko. Tumindi 'yon nang mahiga na ako sa kama at nagpahinga.

I want you as much as hell, Taguro. And this is not right. Hindi pwede 'to. Halik lang niya ang gusto ko. Halik lang. Wala nang iba. Pinaulit-ulit ko 'yon sa isip ko hanggang sa makatulog ako.

Paggising ko kinabukasan ay para akong lasenggong inilampaso nang dumaang gabi. Pakiramdam ko ay may tama ako sa ulo sa sobrang sakit

no'n. Parang bitin maging ang pagtulog ko gayong sapat lang naman sa oras 'yon. Naligo agad ako at handa na nang sumabay sa agahan. Wala akong kinausap. Abala rin naman sina mommy at daddy sa pag-uusap tungkol sa inaasikaso nilang medical mission sa kabilang bayan.

Pumasok akong wala sa sarili at bigat na bigat sa ulo ko. Pagkaupo palang sa silya ay agad na akong tinunghayan ni Eerah Anitha. Tiningnan ko lang siya, nagbaba na ako ng tingin.

"Are you busy this weekend?" tanong niya. Hindi ako sumagot. **"Yes, I am speaking right now and I am talking to you, Lohr,"** napakaarte niyang sinabi.

"I'm not in the mood, leave me alone," mahina ko sabi.

"Your girlfriend's coming over so I'm inviting you too."

Umangat bigla ang paningin ko. **"Si Taguro? Bakit si Taguro?"**

"Ugh, I hate that name," maarte na naman niyang bulong 'tsaka ngumiti. **"May best friend kasi akong mula sa America at nandito ngayon sa Philippines. Babalik na siya sa States next week at may party siya this weekend. Invited kaming dalawa ni Lovemir. Pero dahil magkasama sila ni Maxpein no'ng yayain ko, di niyaya ko na lang din ang girlfriend mo. Nakakahiya naman kasi kung harap-harapan kong ini-invite si Lovemir tapos siya...alam mo na?"** Humalakhak siya, nakakaloko.

"Ano naman ang pakialam ng girlfriend ko diyan sa best friend mo?"

"Ugh!" nagugulat niyang sambit. **"Excuse me! Almeyra is my best friend! 'Wag ka ngang magsalita nang ganiyan sa kaniya?"** nakanguso niyang dagdag.

"Look, hindi si Maxpein 'yong tipo ng tao na makiki-attend sa party ng taong hindi niya kilala. Gano'n ba kaimportante 'yang kaibigan mo para puntahan niya? Besides, we don't know your best friend."

"Well, inaasahan ko na 'yan at alam kong maiisip mo 'yan," mataray niya namang sabi. **"Si Lovemir kasi ang problema ko, hindi siya sasama kung wala ang girlfriend mo."**

Doon kumunot ang noo ko. **"Bakit?"** inis kong tanong, nagkibit-balikat lang siya. **"Bakit hindi sasama ang asawa mo kung wala ang girlfriend ko? Gano'n na ba talaga sila ka-close?"**

"Ay, hindi mo alam?" sarkastiko niyang tanong.

"Ang alin?" nagsisimula nang uminit ang ulo ko.

"Close na sila! Ikaw naman kasi, masyado kang nagpaka-busy sa kaiiwas diyan sa girlfriend mo. Hindi ka na tuloy updated! Hahaha! If I know, sinusunod mo lang 'yong mga advice ko sa 'yo no'ng nasa Manila tayo! Hahaha! Nice job, Lohr, nice job," halatang iniinis niya lang ako at nadala naman ako. Akma akong tatayo nang pigilan niya. **"Oops, Lohr, where are you going?"**

"Pupuntahan ko ang girlfriend ko—"

"May klase pa tayo. 'Ayun na ang prof, oh," inginuso niya ang pinto, papasok na nga ang propesor. Napabuntong-hininga ako 'tsaka naupo. **"Mamaya na lang, samahan pa kita."**

"Hindi na," sabi ko 'tsaka tinapik ang kamay niyang nasa balikat ko pa.

Close na sila? Bakit gano'n, Taguro? Bakit mo hinayaang makipag-close sa 'yo ang lalaking 'yan? Hinayaan mo naman? Kailan ka pa naging friendly? Tch!

Nang sandali ring 'yon ay naalala kong sinabi sa 'kin ni Taguro na may kailangan siya sa lalaking 'yon.

Ano ba talaga ang kailangan mo sa lalaking 'yan, babe? Tsk! Taksil! Tch. Pero 'sabagay, hindi dapat ako nagtataka dahil pareho silang hambog. Hindi talaga malabong magkasundo sila.

Nagmadali ako nang dumating ang lunch break pero papalabas na sana ako ng classroom nang muling matigilan. Nasa labas ng classroom namin si Taguro.

Babe... Napakaganda nang pagkakangiti niya sa 'kin. **"Babe,"** lumapit ako.

"'Buti naman naabutan kita," halos tumalon na si Taguro nang sabihin 'yon.

Kakaibang tuwa at saya ang mababasa sa mukha niya. Ngayon ko lang siya nakitang ganoon ka-excited matapos akong makita. Mabuti sana kung ganoon kami kalayo sa isa't isa, ang kaso, hindi.

"Sinabi ko na nga ba't maaga kayong palalabasin ngayon. Hehe! Tss. Ilang beses kitang sinusubukang makasabay mag-lunch pero ngayon lang kita naabutan."

"Bakit?"

"'Tagal na nating hindi nagkakasabay kumain, babe. Gutom ka na?"

"Medyo."

"Tara, nakapagpa-reserve na 'ko sa mall. Nami-miss ko kasing kumain sa Korean resto—"

"Pero sandali lang ang break ko, babe. 30 minutes lang."

"Eh, di bilisan na lang nating kumain?"

"Mabagal akong kumain, 'di ba?"

"Mabilis kang kumain, babe," parang nakakatunog na siya.

"Masakit kasi 'yong ngipin ko ngayon. Kaya mabagal akong kumain. Ngayon lang naman. Paniguradong matigas pa 'yong mga kakainin natin do'n dahil puro karne."

"Babe, pwede tayong um-order ng soup saka 'yong malambot na beef."

"Kasabay ko sana kasi sina Lee?" pagsisinungaling ko. Hindi ko alam kung saan nagmula 'yon. **"Dito kami sa tertiary canteen kakain. Mayamaya pa 'yong out nila. Kaya sandali lang din talaga sana kami. Alam mo na, college,"** nameke ako ng ngiti, 'yong posibleng paniwalaan niya. **"Bawal ang late."**

"Pwede naman din akong sumabay kahit kasabay sina Lee, 'di ba? Gusto ko rin nga sanang yayain sina Naih," hindi na malinaw ang ngiti sa labi ni Taguro at dinudurog no'n ang puso ko.

Hindi ako pwedeng magsinungaling masyado. Doon pa nga lang sa mga sinabi ko alam ko nang alam niyang nagsisinungaling ako. Sa takot kong makaramdam siya nang todo ay lumapit ako at hinawakan ang dalawang balikat niya. Noon ko na lang uli siya nahawakan kaya kakaiba agad ang naidulot no'n sa 'kin. 'Yong pakiramdam na hindi ko gusto.

Hindi ko maintindihan kung bakit naging ganito na ang epekto mo sa 'kin, Taguro. Hindi ko maintindihan. Sinikap kong alisin ang naisip 'tsaka ngumiti. **"Ganito na lang, babe. Mauna na kayo ro'n tapos hihintayin ko sina Lee at Tob. Kapag out na sila ay sabay-sabay kaming susunod do'n."**

"Talaga?" nagliwanag ang mukha niya, tumango ako. **"Sige, hihintayin kita!"** masaya niyang sabi.

"Sige. I love you," emosyonal kong nasabi ang huli.

Kakaibang saya na naman ang makikita sa mukha niya. **"I love you, too. At miss na miss na miss na kita."**

Pakiramdam ko ay noon niya lang uli sinabi sa 'kin 'yon. Sa sobrang sarap sa pakiramdam ay gustong mangilid ng mga luha ko dahil sa pagiging emosyonal ngayon. At sa sobrang sarap pakinggan ay gusto ko siyang

lapitan pa nang todo para yakapin. Pero hindi ko magawa dahil hindi pwede. Una ay hindi 'yon akma sa lugar. At ikalawa ay ayaw kong matalo ng nararamdaman ko ang mga bagay na kailangan ko munang iwasan.

"Sige na, mauna na kayo ro'n," sabi ko 'tsaka ginulo ang buhok niya. **"I love you ulit."**

"I love you, too, ulit."

"'Tsaka I love you pa," pahabol ko.

"Hehe, ang kaso ay I love you rin."

Hindi ko napigilan ang matawa. **"I love you nga rin, eh."**

"Akalain mo 'yon, hehehe," biro niya 'tsaka tinapik ang braso ko. **"Naks, macho,"** dagdag biro niya kaya muli kaming natawa. **"Buto yata lumalaki sa 'yo at hindi muscles, 'no? Hehe!"**

Damn, I missed her! Noon lang ako natawa nang ganoon sa biro niya. **"Loko ka, Taguro."**

"Loko sa 'yo, Sensui, hehe. Sibat na 'ko," aniya na kumaway pa. Kumaway rin ako at pinanood ang paglayo niya.

"You're a badass liar," nangibabaw ang tinig ni Eerah. Kumunot ang noo ko bago ko nilingon ang gawi niya. **"Napakarami mo namang dahilan? Saan lahat nagmula 'yan?"** Hindi ko siya nagawang sagutin. **"Hmm, ngayon ay hindi ko na kailangang magtanong. Alam ko nang may mali talaga sa inyo. What's your problem, Lohr? Mukhang okay na okay sa 'yo ang girlfriend mo, bakit mo siya iniiwasan?"**

"Wala kang pakialam, Eerah," seryoso kong sinabi.

"Alam mo, hindi mo dapat ginagawa sa kaniya 'yan." Bigla ay sumeryoso siya, natigilan ako. **"If you got problem with her, tell her. Kung magiging kabawasan man 'yon sa relasyon niyo, at least, alam ninyong pareho ang totoo. Hindi 'yong umiiwas ka tapos ikaw lang ang may alam ng dahilan mo. You can always avoid her but not the consequences."** Nakangiti siya nang pandilatan ako ng mata. Saka niya ko tinalikuran.

Kakaibang kaba ang idinulot sa 'kin nang sinabi niya. Napalingon ako sa nilakaran ni Taguro at agad na nakonsenya.

Pasensya na, babe. Iniiwasan kita hindi dahil ayaw ko na sa 'yo, Taguro. Iniiwasan kita kasi alam kong ito ang tama kong gawin ngayon.

Dala ng konsensya ay talagang pinuntahan ko sina Lee at Tob sa building nila. Kahit na alam ko ring 30 minutes late ang break nila. Naghintay ako sa kanila nang kalahating oras, nagkita-kita kami sa ibaba ng building.

"'Dre!" pasigaw na tawag ni Tob, kasunod niya na si Lee. **"'Dre, hindi ako pwede. May kailangan akong paghandaang reporting five minutes bago mag-start 'yong susunod kong klase. Ten minutes lang ang break ko."** Halata ngang nagmamadali siya.

"Thirty minutes ang break ko. Pero parang hindi kakayanin ng oras 'yong pagpunta sa Korean resto. Looban pa 'yon, ah?" sabi naman ni Lee, mukhang negative na rin 'to.

"Gano'n ba?" Tumingin ako sa relos. Ako man ay may thirty minutes na lang para mag-break. **"Tsk. Kung susunod tayo ro'n ay baka pumunta lang tayo para sumabay rin agad sa kanila pabalik."**

"Oo nga," sang-ayon ni Tob.

"Sige, sige, kakausapin ko na lang si Taguro," napapabuntong-hininga kong sabi.

"Tara-tara!" anyaya ni Tob, nagmamadali talaga nang husto.

Dumeretso kami sa canteen, hinayaan ko na silang um-order. Nauna na ako sa mesa at agad na idinial ang numero ni Taguro. **"Babe?"** Nakamot ko ang ulo.

"Oh, nasaan na kayo?"

"Babe, hindi na kami makakapunta diyan," nahihiya kong sagot. Natahimik siya sa kabilang linya. **"Babe, kasi ten minutes lang daw ang bakante ni Tob tapos kaming dalawa naman ni Lee ay thirty minutes lang."**

"Gano'n ba? Ang tagal pala ng thirty minutes mo, babe?"

"Ha?"

"Kanina kasi sabi mo ay thirty minutes lang, ngayon ay thirty minutes ulet? Eh, di one hour?"

Napakamot ako sa sentido. **"Babe, thirty minutes lang talaga,"** sinikap kong 'wag mautal sa pagsisinungaling. Isang oras talaga ang break time ko. **"Sorry, babe, papasok na nga uli ako sa klase. Tinawagan lang talaga kita."**

"I see, sige, ayos lang. Kumain ka na?"

"Oo. Ikaw?"

"Hindi pa, hinintay kita."

Nagulat ako. **"Kumain ka na, babe. Bakit hindi ka pa kumain?"**

"Sige."

"Babe?"

"Mm?"

"Galit ka?"

"Hindi."

"Galit ka, eh."

"Hindi, hehe," halatang pilit ang tawa niya. ***"Ayos lang, marami pa namang susunod. Sige na, bye-bye."***

"Anong sabi?" nangibabaw ang pamilyar na tinig ni Lovemir sa linya ni Taguro.

Awtomatikong nangunot ang noo ko. Hindi ako pwedeng magkamali. Pero ayaw ko siyang pagalitan. **"I love you, babe,"** ayaw ko nang magsinungaling.

"I love you. Pasensya na sa abala," sabi niya at saka ibinaba ang linya.

Natigilan ako at napatitig sa screen ng cellphone. *Magkasama na naman sila?* Bumagsak ang kamay ko sa mesa at saka ako nanlumo. Hindi ko alam kung anong mararamdaman ko. Nagsinungaling ako sa kaniya para makaiwas pero ako 'tong nilalamon ng konsenya ngayon.

Nang makabalik ang bestfriends ko ay pare-pareho kaming nagmadali. Wala nang nagsalita pa, tahimik na lang kaming kumain habang ako ay patuloy pa rin sa pag-iisip.

Sa kabila nang nangyari ay mas pinili ko pa ring umiwas kay Taguro nang mga lumipas na dalawang araw. Pero hindi ko inaasahang sa mga araw na nagdaan ay patuloy pa rin siyang pupunta sa classroom ko. Umaasang makakasabay niya akong kumain habang ako naman ay patuloy pa rin sa paglayo. Panay ang anyaya niya, panay rin naman ang pagtanggi ko. Parati kong nababasa ang pagkadismaya at lungkot sa mukha niya pero wala akong magawa kundi panindigan ang pagdadahilan ko. Kaunting-kaunti na lang talaga ay bibigay na ako pero hanggang sa huling sandali ay pinigilan ko ang sarili ko. Hindi muna kami pwedeng magsama sa ngayon lalo pa't marumi ang isip ko. Kailangan kong aminin na gano'n na talaga ang isip ko ngayon. Hindi ko alam kung dala ba 'to nang pag-edad ko dahil sadyang hindi tama. Hindi gano'n ang dating tingin ko kay Taguro. Sa ngayon kasi ay ayaw ko na talaga muna. Mabuti nang umiwas ako at masamain niya kaysa may makagawa ako na ikagalit niya.

Alam kong hindi tamang iwasan siya. Natatakot ako sa t'wing maiisip ko 'yong sinabi ni Eerah. Pero hindi ko alam kung paano sasabihin kay Taguro ang tunay kong dahilan. Hindi ko rin alam kung kailan ako magiging handa.

Hindi ko inaasahang darating ang isang araw na hindi ko makikita si Taguro. Hindi siya dumaan sa classroom ko. Wala rin akong natanggap na

text mula sa kaniya gaya nang araw-araw niyang ginagawa no'ng mga nakaraan. Syempre, nagtaka ako. Hapon na pero wala pa rin akong naririnig mula sa kaniya.

Nang malaman kong wala kaming klase sa susunod na subject ay pumunta ako sa secondary campus. Nakakatuwang isipin na naroon pa rin 'yong mga estudyanteng nagtitilian kapag nakikita ako. Panay pa rin ang bati nila habang nagpapa-cute. Hindi ko naiwasang mangiti habang inaalala ang pakiramdam noong nandoon pa ko sa campus nila.

Tch, nasa kabilang campus lang naman ako. Ni wala nga kaming gate sa pagitan. Bakit hindi nila ako puntahan para man lang masilayan? Hehe!

Nagdere-deretso ako hanggang sa makarating sa classroom nina Taguro. Mukhang papatapos na rin ang klase dahil ilang minuto na lang ay afternoon break na.

"Did you understand me clearly, class?" ani Ms. Agaser, napangiti ako. Noon ko na lang kasi uli narinig ang malakas niyang boses.

Nakaka-miss pala talaga ang high school.

Hinanap ng paningin ko si Taguro, agad ko naman siyang nakita. Pero agad din akong nainis nang makitang katabi niya nga pala si Lovemir. Panay ang tawanan nila, napatunayan ko tuloy na close na nga talaga sila gaya nang sinabi ni Eerah Anitha. Pero hindi ko na pinansin 'yon, nakinig ako sa sumunod na sinabi ni Ms. Agaser.

"Ang bawat grupo ay bubuuin ng dalawang students. Pumili na kayo nang makakapareha ninyo," anang lecturer. Nagkagulo naman sa pamimili ng makakapares ang mga estudyante.

Tiningnan ko ang mga kaibigan ni Taguro. Agad na naghawak ng kamay sina BJ at Migz. Si Michiko naman ay agad na tumayo para lumapit at magmakaawa kay Parro, na agad namang tumanggi. Napangiti ako dahil alam kong si Taguro ang pipiliin nito.

Ilang minuto pa ang lumipas bago muling natahimik ang klase. Lahat sila ay tutok na tutok sa lecturer na nagtuturo sa klase. Hindi gaya noong ako ang nasa classroom na 'yon, parating nasa labas ang utak ko. Kaya kung ako ang nasa upuan ni Taguro, na siyang upuan ko noon, ay paniguradong mapapansin ko kung sinuman ang taong nakatayo sa pwesto ko ngayon. Pero ni isa sa mga estudyanteng nasa loob ng classroom na 'yon ay hindi nag-abalang lingunin ako.

"Lahat ba ay may pares na?" tanong ni Ms. Agaser. Magsasalita na sana uli si Ms. Agaser nang magtaas ng kamay si Lovemir. **"Yes, Mr.**

Limaco?"

"I don't have a partner, miss."

"Why? No one is absent. You should be thirteen pairs," nakapamewang na anang lecturer.

"Wala pa rin ako, miss!" nakalabing sabi ni Michiko.

"Bakit hindi kayong dalawa ang magpares?" Pinandilatan ni miss ang dalawa. Nagtawanan ang klase, maging ako. Nakaka-miss ang boses ni Miss.

"Hindi ako komportable sa kaniya," pandederetso ni Lovemir. Napalingon ang lahat dito pati na rin ako.

Tch.

"Sige, tayo na lang." Ikinagulat ko nang sabihin 'yon ni Taguro.

What the hell? Napaayos ako sa pagkakatayo at pinakatitigan si Taguro. Ha hindi man lang maramdaman ang presensya ko.

Maging si Lovemir ay nagulat at hindi agad nakapagsalita. **"No, it's okay. Si Zarnaih na ang pair mo."**

"Okay lang naman sa kanya kung si Michiko ang makapares niya," nakangiting sabi ni Taguro. **"'Di ba, Naih?"** baling niya sa kaibigan na takang-taka rin. **"'Di ba, Naih?"** mariing pag-uulit niya.

Malakas na tumawa si Parrot. **"Ang kaibigan mong dinaluhan sa oras nang pangangailangan ay bigla ka na lang bibitiwan nang walang mahitang dahilan! Syempre, okay lang!"** sarkastiko niyang sinabi habang tumatawa. Nagsipagtawanan naman ang buong klase. **"Nakakaimbyerna,"** nakangiwing bulong niya. **"May magagawa pa ba naman ako? Kahit anong ganda ko, eh, malalampasan ko ba naman ang gwapong 'to? Sus!"**

"Napakarami mo nang sinabi. Hindi ka talaga makakaintindi nang walang sumbat, 'no?" maangas na namang sabi ni Taguro.

"Hindi kita ipinagpapalit kahit na kanino—tapos ngayon ay ipagpapalit mo 'ko?"

"Tss."

"Okay lang naman sa 'kin kung si Michiko ang maka-pair ko," sabat ni Lovemir para matigil ang magkaibigan.

"Stop me!" pinigilan siya ni Parrot gamit ang kanang kamay saka tumawa. **"Ayos na, hehe, baka hindi ka rin naman maintindihan ni Michiko't panay ang pag-i-Ingles mo."** 'Tsaka muling nagtawanan ang buong klase.

"Ano? Ayos na ba kayo diyan?" muling ani Ms. Agaser.

"Okay na, tayong dalawa ang pares, ah?" ani Taguro kay Lovemir.

Ang sandaling 'yon na silang dalawa ang nakatingin sa isa't isa, habang ako ay nanonood sa kanila, ay isang simpleng bagay pero nakapananakit.

Aalis na sana ako nang biglang mag-ring ang bell. Tumayo si Taguro at nakita ako. Pinalis ko ang panlulumo at agad akong ngumiti.

"I love you," sinabi ko 'yon nang walang tinig. Ngumiti siya at dali-daling lumabas. **"Hi, babe,"** bati ko.

"I was not expecting to see you here," 'ayun na naman 'yong walang kapantay na saya sa mga mata niya.

"Nami-miss na kita. Nagi-guilty na rin ako kasi parati kitang hindi napupuntahan kapag ikaw ang pumupunta ro'n sa 'kin."

"Oo, malapit na kasi akong magtampo," ngumuso siya.

"Hindi pa naman bagay sa 'yo ang nagtatampo."Inayos ko ang hibla ng buhok na gumugulo sa mukha niya. **"Sabay tayong kumain."**

Bumagsak ang balikat niya. **"May gagawin kasi kami, eh."**

"Ha?" ako naman ang nagulat.

"Kasi kanina ay wala 'yong lecturer sa nauna naming klase. Nag-early break kami. Na-adjust 'yong oras ng drafting class. Para makauwi kami nang maaga. Marami kasi kaming iuuwing homeworks at exercises kaya pumayag kami."

Kakamot-kamot siya sa ulo nang ipaliwanag 'yon. Madalang siyang magsalita nang mahaba kaya alam kong nagsasabi siya nang totoo. Hindi gaya ko na panay ang pagsisinungaling sa t'wing pupuntahan niya ako.

"Gano'n ba? Sige, naiintindihan ko," sinsero ang naging ngiti ko.

"Kilala ka naman no'ng lec, gusto mo sumama ka na lang sa room?"

"Hindi na, babe, may klase rin kasi ako. Magkakape lang siguro ako at magpapalipas ng oras. Tapos papasok nang maaga sa susunod kong klase."

"I see. Sige."

"Okay na 'ko na makita ka," huminga lang ako nang malalim 'tsaka ngumiti uli. **"Mauna na ako. Mag-aral kang mabuti."**

"Ikaw rin," nakangiti niyang sagot na hinawakan pa ako sa braso.

Napatingin ako sa pinto nang lumabas mula ro'n ang mga kaibigan ni Taguro at panghuli ay si Lovemir. Sandali kaming nagkatitigan bago siya tumango sa 'kin. Matapos no'n ay tumingin siya kay Taguro at tumango rito bilang pag-anyaya.

"Sabay ka na sa 'min pababa," anyaya ni Taguro. Tumango na lang ako.

Sabay-sabay man kaming bumaba ay wala sa 'kin ang atensyon ni Taguro. Panay ang tawanan nilang magkakaibigan sa nagbibiruang mga bakla. Napapansin kong madalas siyang lingunin ni Lovemir, sandaling panonoorin ang pagtawa niya 'tsaka palang ngingiti. Hindi ko gusto ang pakiramdam na 'yon. Ang pakiramdam na ipinaramdam ko kay Taguro habang umiiwas ako. Mas ayaw ko 'yong mga kilos ni Lovemir. Dahil alam ko kung ilang beses akong natulala sa mga ngiti at tawa ni Taguro.

Gusto kong manlumo nang magmadali si Taguro na makapagpaalam sa 'kin. Bumili ako ng kape at nagpalipas ng oras sa library. Buong klase ay okupado ng pakikinig ang atensyon ko. Nang matapos ang araw na 'yon ay pagod na pagod ako. Ang gusto ko ay makauwi at makapagpahinga.

Dahil sa sobrang pagod ay hindi ko na naigarahe ang kotse ko. Basta ko na lang 'yon iniwan sa harap at saka ako pumasok.

"I'm home!"

Malakas ko iyong sinabi pero walang lumalabas na mommy mula sa kusina. Walang lumalabas na daddy mula sa dining area. Walang sumalubong sa akin na Manang. Nagpalinga-linga ako pero wala yatang tao. Pumunta ako sa kwarto ni Manang, wala ito.

Sisigaw na sana uli ako nang may marinig na busina. Natigilan ako. *Taguro?* Lumabas ako at hindi nga ako nagkakamali, nasa labas siya at may bitbit na maliit na karton.

Nakangiti siyang nag-doorbell. Papadilim na kaya hindi ko inaasahang pupunta siya. Dali-dali akong lumabas para salubungin siya at pagbuksan ng gate.

"Babe, hindi ka nagsabing darating ka?" nagugulat ko pa ring sabi.

"Hehe, kaya nabuo ang salitang surprise, baby babe."

Natigilan ako, noon niya lang ako tinawag nang gano'n kanatural. **"Haha, loko ka! Linya ko 'yan, ah?"** Hindi ko na napigilan ang sariling hapitin siya papalapit at yakapin. **"Miss na miss kita, baby babe."**

"Tss. Kaya pala hindi ka man lang nag-abalang tumawag o mag-text sa 'kin na uuwi ka na? Balak ko pa naman sanang yayain kang kumain sa labas bago tayo umuwi."

"Sorry, sobrang pagod ko kasi. Ano 'yang dala mo?"

"Bibingka!" masaya niyang sabi. Parang mawawala na ang mga mata sa sobrang pagkakangiti.

"Anong bibingka?"

"Pagkain 'to, babe."

"Ah, talaga? Sige. Halika, pasok ka."

"Kaso wala akong dalang panulak, eh, magtubig ka na lang," sabi niya na para bang malaking problema 'yon. **"Anyway, hindi kasi ako nakapagsabi na daraan ako dito. Kaya hindi rin ako magtatagal,"** sabi niya nang makapasok. **"Bakit ang tahimik? Nasaan ang mga tao?"**

Napakamot ako sa ulo. **"Hindi ko nga rin alam, eh. Umalis siguro sila,"** muli kong iginala ang paningin sa buong bahay. **"Teka lang, ah? Hahanapin ko sila. Pahinga ka muna."** Nginitian ko siya at iniwan sa sofa.

Hinanap ko si mommy sa kusina at hindi nakita. Maayos ang mga gamit at nakapatay ang gamit niyang panluto. Walang nakasaksak at malinis ang mga hugasin. Dumeretso ako sa backyard kung saan madalas tumambay si daddy at magbasa ng dyaryo, wala rin siya ro'n kaya bumalik ako papasok.

Pumunta ako maging sa closet pero ang tanging naroon ay mga damit na hindi pa marahil naitutupi ni Manang. Naiwan din ang plantsa sa kabayo kaya mukhang balak 'yong gamitin ni Manang bagaman hindi nakasaksak.

"Umalis siguro sila?" kakamot-kamot sa ulong sabi ko. **"Saan naman kaya nagsipunta ang mga 'yon? Alam namang uuwi ako,"** nakanguso kong sabi. **"'Buti pala at dumating ka, babe, kasi nagugutom ako. Nagutom ako bigla."**

"Eh, di kainin na natin 'to? Para na rin makauwi na 'ko."

"Nagmamadali ka ba?"

"Mm, hindi naman pero marami kasi akong gagawin. 'Tsaka baka kasi hanapin ako ni Naih."

"Ah, sige," sabi ko na muling tumayo. **"What do you want to drink? Juice? Softdrinks?"**

"Masarap sa kape 'to," nakangising sagot niya.

"Okay, I'll get you coffee," muling paalam ko.

Habang naghahanda sa kusina ay inilabas ko ang cellphone. Ang kaninang pagod ko ay parang biglang nawala nang makita ko si Taguro. Hindi ko maiwasang mapangiti habang naglalabas ng mga puswelo. 'Ayun na naman 'yong pakiramdam ko na para bang wala akong pakialam kung hindi matapos ang araw na 'to. Dahil alam kong nasa paligid ko lang si Taguro.

Nang mag-ring ang cellphone ni mommy ay bumalik ako sa ulirat. Pero makailang ulit nang nagri-ring 'yon ay hindi niya pa rin sinasagot. Sinubukan ko ring tawagan si daddy pero hindi rin niya sinasagot. At nang tawagan ko si Manang ay nakapatay naman ang cellphone nito. Napuno ako ng pagtataka kaya si *Noona*ang tinawagan ko. Dalawang ring palang ay sinagot na nito.

"*I miss you, dongsaeng*!" pasigaw niyang bungad.

"Aray ko naman!" singhal ko.

"Ano 'yon?" narinig ko si Taguro at ang mga yabag niyang papalapit na sa 'kin. Nakangiti na 'ko nang makalapit siya. Ipinakita ko ang telepono. Sinamaan niya lang ako ng tingin.

"*Noona*, nandiyan ba sina mommy, ha? Nandiyan ba sila, ha? Nandiyan ba?" pangungulit ko.

"*Wala!*" malakas niyang sagot.

"Bakit gano'n? Wala rin sila dito sa bahay. Wala si mommy. Wala si daddy. Wala si Manang."

"*Eh, ano ngayon? Hindi mo ba kaya ang sarili mo?*"

"Kaya ko. Nandito ang puso ko, eh! Hahaha!"

"*Nandyan si Maxpein?*"

"Oo naman, yes! She's here and she loves me!" sabi ko na kinindatan pa si Taguro na napailing na lang.

"*Eh, nandiyan naman pala, anong problema mo?*"

"Nagugutom kasi ako."

"*Eh, di magluto ka!*"

"Wow, marunong ako?"

"*Eh, di um-order ka sa labas.*"

"Matagal pa 'yon."

"*Ewan ko sa 'yo!*"

"Joke lang. May dala namang pagkain si Taguro para sa 'kin. Gano'n talaga ang mga babae kapag patay na patay sa 'yo, *Noona*, ikaw pa ang hahatiran ng pagkain. Bwahaha!"

"*Yuck!*"

"Masama bang hanapin ko sa 'yo ang mga magulang ko? Nasaan ba sila?"

"*Hindi ko alam. Bakit kaya hindi sila ang tawagan mo, 'no?*"

"They're not answering my calls."

"*I don't know. Pero kahapon nabanggit sa 'kin ni mommy na mamimili siya. Baka magkakasama sila.*"

"Nabanggit nga rin sa 'kin ni mommy kanina bago ako pumasok."

"*Abnormal ka talaga, 'no? Nagpapapansin ka lang sa 'kin, eh! Na-miss mo 'ko, 'no?*"

"Asa! Bye-bye na! Mag-uusap pa kami ng baby babe ko! Hahaha! I-kiss mo na lang ako kay RD, pakisabi na bilisan niya ang paglaki."

Nginitian ko si Taguro matapos kong ibaba ang linya. Iiling-iling siyang ngumisi sa 'kin. **"'Wag mong lagyan ng gatas 'yong kape ko,"** sabi niya.

"Alam ko," pagmamarunong ko. **"Nag-grocery si mommy. Sinamahan siguro nina daddy at Manang. Madalas kasi 'yong nagpa-panic buying. Noong nakaraang linggo nga ay isinama siya ni Manang sa palengke. Natuwa sa okra at binili 'yong isang sako. 'Ayun, pinagalitan siya ni daddy kasi ilang araw lang ay mabubulok na 'yong mga gulay. Wala siyang nagawa kundi ipamigay sa kapit-bahay."**

"Nakakatuwa ang mommy mo, kahit kailan."

"Oo, 'yon kasi ang kasiyahan niya, eh. Ang magluto at tumulong sa tao. At syempre, lalo na ang makita ako. Hahaha! Bibihira ang mga magulang na nagkakaroon nang ganitong kagwapong anak, babe."

"'Yong kape ko? Lalamig na 'yong bibingka, mas masarap 'yon kapag mainit."

Sabay kaming nagpunta sa sala. **"Ano 'yan?"** gulat kong tanong nang makita ang bibingka.

"Bibingka nga. Parang puto. Pero special na puto kasi may itlog at keso 'to saka butter, hehehe. Tapos niluto sa dahon—"

"Maruming puto?"

"Anong maruming puto? Bibingka nga. 'Tsaka hindi 'yan marumi. Ganyan talaga 'yan minsan."

"Eh, bakit may itim-itim sa ibabaw?"

"Nasosobrahan sa luto. Pero minsan ay 'yan pa 'yong masarap," aniya na kumindat pa. Kumuha siya ng isa, tinanggal ang balat na dahon sa ilalim at saka inilapit sa 'kin. **"Oh, dito mo kagatin sa may itlog na pula."**

"Ahh," nakangiti akong kumagat. Mabilis kong nginuya ang laman ng bibig ko habang nakatitig sa kaniya. **"Mm, masarap nga!"** nanlalaki ang mga matang sabi ko. Sinubuan niya ulit ako.

Matapos kong ubusin isa, kumuha siya nang para sa kaniya. Kumuha rin ako at parang bata na ngumiti at tumango-tango habang ngumunguya.

Natatawa na naman siya sa hitsura ko pero sanay na ako. Doon nga siya na-in love sa 'kin.

Apat na bibingka lang ang laman ng karton pero matapos kong ubusin ang dalawa ay gusto ko pa. Ang kaso ay iisa na lang ang natira. Ngumuso ako sa kaniya matapos naming sabay na tingnan 'yon.

"Gusto mo pa?" tanong niya. Nakanguso akong tumango.

Kinuha niya ang natitirang bibingka at muling tinanggal ang dahon sa ilalim bago inialok sa 'kin. Pero nang kakagat na sana ako ay bigla niya 'yong inilayo.

"Kiss muna," tudyo niya kaya natigilan ako.

"Ha?"

"Kiss muna," nakangisi niya na namang sabi. Natigilan lalo ako at saka napatitig sa kaniya. Nawala ang ngiti sa labi niya. Tuloy ay unti-unti siyang nagtaka. **"Babe?"**

"Ha?"

"Okay ka lang?"

"Ha? Oo, hehehe. Oo naman, yes..."

Hindi siya agad nagsalita, tumitig siya sa 'kin na parang nangangapa. 'Tsaka nagbaba ng tingin at matunog na ngumiti. **"Oh, sige, ubusin mo na 'to,"** sabi niya na muling inilapit sa 'kin ang bibingka.

Hindi ko na siya hinayaang subuan ako. Kinuha ko ang bibingka at nawawalan ng ganang kinain 'yon habang nakatitig sa kaniya. Para siyang nadismaya habang napapahiya. Katulad na katulad nang nangyari dati nang minsan kong tanggihan ang halik niya. Pero hindi ko alam kung ano ang gagawin. Bumabalik na naman sa isip ko 'yong bagay na iniiwasan ko.

Kiss lang naman, Deib. Wala ka namang ibang gagawin kung hindi ang halikan siya.

"Mm, salamat sa kape. Uuwi na rin ako," aniya na biglang tumayo. Muntik nang matapon ang iniinom kong kape sa gulat.

"Ang bilis naman?"

"Eh, hindi nga kasi ako nakapagsabi kina Naih na dadaan ako dito. Baka hanapin ako no'n."

"Eh, di tawagan mo siya na nandito ka pa?"

"Hindi pwedi," pilit ang ngiti niya. **"'Tsaka marami rin kasi talaga akong gagawin. Lahat ay ipapasa bukas."**

"Ihahatid kita sa labas."

"'Wag na, kaya ko na," sabi niya 'tsaka nilampasan ako.

"Babe," habol ko. Alam kong nagtatampo siya. Nilingon niya lang ako. **"Galit ka yata."**

"Hindi, ah."

"Galit ka."

"Hindi nga," aniya na hinawakan ako sa pisngi.

Pero bago niya pa man alisin ang kamay niya sa mukha ko ay nahawakan ko na 'yon at mas idiniin pa sa pisngi ko. **"Na-miss kong gawin mo 'to,"** bulong ko habang nakapikit.

"Ang tagal mong umiwas sa 'kin, eh," aniya dahilan upang magmulat ako.

Tiningnan ko siya nang may gulat. Ang pilit na ngiti sa labi niya at malungkot niyang mga mata ang siyang bumuhay sa natutulog kong konsensya.

"Ano bang ginawa ko?" bigla ay tanong niya.**"Bakit mo 'ko iniiwasan?"**

"Babe..."

"Hindi lang naman ako nagsasalita pero...nararamdaman ko 'yon, Sensui." Hindi ako makapaniwalang gano'n kabilis na namasa ang mga mata niya. Huminga siya nang malalim at pinakawalan 'yon na para bang hirap na hirap. **"Wala na nga sana akong balak na guluhin ka kasi nahihiya ako. Halatang-halata namang iniiwasan mo 'ko, nangungulit pa 'ko."**

"Taguro, hindi gano'n 'yon. Naging busy lang ako."

"Alam ko. Pero dahil ikaw si Sensui ay parati kang may oras para kay Taguro." Agad niyang itinikom ang bibig at doon ay sunod-sunod ang pagtulo nga mga luha niya.

Damn it. Hindi ako makapaniwalang naririnig ko ang hikbi niya ngayon at para no'ng dinudurog ang puso ko.

"Babe," bigla akong napalapit sa kaniya at yumakap.

Siya rin ang kumawala sa yakap ko. Dali-dali niyang pinahid ang mga luha niya at tinuyo ang mata. 'Tsaka siya nakangiting tumingin sa 'kin.

"Nasasaktan lang kasi ako sa gano'n. Hinihintay kita pero hindi ko alam na kaya pala hindi ka dumarating ay dahil umiiwas ka. Hindi ko naman masabing binabale-wala mo 'ko. Kasi alam ko namang umiiwas ka. Iniiwasan mo 'ko. Bakit?" muling tanong niya na nagsalubong ang mga kilay at para na namang maiiyak. Ang pag-aalinlangan ay hindi mahihimigan sa tinig niya. Sigurado siya sa sinasabi.

"Babe..." Hindi ko masabi sa kaniya kung ano ang dapat.

Basta na lang ako lumapit at siniil ng halik ang labi niya. Ang halik na dati-rati ay kontento na nang nasa labi lang. Pero ngayon ay parating naghahangad nang higit pa.

Hindi na naman natahimik ang labi ko sa simpleng halik na ginagawa. Ang kamay kong makasalanan ay muli na namang naglakbay papunta sa leeg niya. Hinimas-himas ang balikat niya hanggang sa bumaba 'yon sa braso niya. Bumalik ang mga kamay ko sa mukha niya nang kusa, iniangat ang panga niya para mahalikan ko siya sa leeg. Ngunit ang mainit kong halik ay naging madiin, papadiin pa nang papadiin. Nagtatalo ang utak, puso at ang katawan ko pero sa huli ay ang puso ko ang nanalo. Naging mahirap man ay ibinalik ko ang labi ko sa labi niya. Ang mga kamay ko ay bumaba sa mga braso niya at bago pa man muling lumalim ang paghalik ko ay binitiwan ko na siya.

"This is the reason why I'm avoiding you. And yes, I am avoiding you." Seryoso ko 'yong sinabi habang pareho naming habol ang paghinga. **"Because I can't keep calm, I want to have sex with you,"** hirap na hirap man ay sinabi ko pa rin 'yon nang may pagpapakatotoo. Nagulat siya. Kunot na kunot ang noo. Naghahanap pa rin ng sagot. **"I want more, Taguro. I want you. Pero mali. Alam kong mali."** Hindi siya nakasagot. **"At alam kong hindi mo 'ko maiintindihan kaya mas pinili kong umiwas. Pinili kong umiwas dahil...kaunting-kaunti na lang, Taguro. Hindi ko na kayang pigilan ang sarili ko."** Sinabi ko 'yon nang mahina habang pareho kaming nakatingin sa mata ng isa't isa.

Ngayon ay hindi ko na alam kung ano ang mababasa sa mukha niya. Hindi ko na gustong malaman kung ano ang nararamdaman at maiisip niya. Ang mahalaga sa 'kin ngayon ay alam niya na. Ang mahalaga ngayon ay nasabi ko na at hindi ako nagsinungaling. Ang importante ay hindi na ako magdadahilan at magsisinungaling. Dahil mahirap din para sa 'kin na gawin 'yon ngayon.

"I'm going," binasag niya ang sandaling katahimikan.

Dali-dali niyang kinuha ang gamit pero hindi ko na siya pinigilan. Pinanood ko siyang lumabas hanggang sa marinig ko ang pagharurot papalayo ng motor niya. Doon palang ako sumunod para habulin siya pero wala na siya. Hindi ko na siya matanaw.

Nanlumo ako at napaupo sa paanan ko. Sa sandaling 'yon ay wala akong pakialam kung anong dumi ang maupuan ko sa lupa. Basta na lang ako

naupo at tinanaw ang daan palabas sa village. Kahit pa hindi ko na makita ro'n si Taguro. Hindi ko alam kung ano ang mararamdaman ko. Dahil sa loob ko ay talagang may pakiramdam na gumaan. Kompara dati na hindi pa ako nagsasabi. Pero ang isip ko ay nagdudulot ng takot sa dibdib ko. Kakaibang takot na namang hindi ko mapangalanan dahil kay Taguro. Siya lang ang nakapagbibigay sa 'kin ng ganitong klase ng pakiramdam.

Alam kong hindi mo magugustuhan ang bagay na 'yon, Taguro, kaya umiwas na lang ako. Maintindihan mo man ako ay iiwas pa rin ako dahil nasa akin 'yong mali. Ako ang may problema. Hindi ako titigil sa pag-iwas sa 'yo hangga't hindi ko naaayos ang sarili ko. Gusto kong bumalik sa dati na kung saan ang tingin mo sa 'kin ay isip-bata at bakla. Mas gusto ko 'yon, Taguro. Maniwala ka sa 'kin. Mas gusto ko 'yon kaysa sa nararamdaman ko ngayon.

Makalipas ang ilang minuto ay 'tsaka ako nagdesisyong tumayo. Papasok na sana ako sa gate nang may mapansin. Nakapatay ang mga ilaw kaya medyo madilim sa garahe. Pero hindi ako pwedeng magkamali. Nanlaki ang mga mata ko nang makitang kompleto ang sasakyan namin doon. Nandoon ang sasakyan ni mommy. Nandoon ang sasakyan ni daddy. Nandoon ang luma kong kotse. Nandoon ang family van at car namin. At nasa labas ng garahe ang bagong kotse ko.

Paanong nangyaring...?

Kakaibang kaba ang bumalot sa isip ko nang tingalain ko ang bahay. Ngunit mas matinding takot ang naramdaman ko nang mula sa kwartong iyon sa itaas ay may aninong hindi ko man makita ay batid kong nakatingin sa gawi ko. Nagtayuan ang mga balahibo ko habang nakatingala sa aninong 'yon. Kung ano-anong bagay na agad ang pumasok sa isip ko. Alam kong hindi isa kina mommy, daddy at Manang ang nagmamay-ari ng aninong 'yon. Wala mang korte ang anino ay batid kong pag-aari iyon ng isang lalaki.

Dali-dali akong pumasok sa bahay at bumagal lang ang pagkilos ko nang pasukin ko ang guest room kung saan ko nakita ang anino. Dahan-dahan kong hinawakan ang doorknob. Doon ko naramdaman ang kakaibang panginginig ng kamay ko. Pigil ko ang hininga habang ipinipihit 'yon at halos malagot na ang hininga ko nang tuluyan ko iyong buksan.

Nakapatay ang ilaw. Basta ko na lang itinulak ang pinto at pinanood ang marahang pagbukas no'n. Ang langitngit ng pinto ay pinapatay ang natitira

kong lakas ng loob. At parang isang pagpapatiwakal ang ipasok ko ang kanan kong kamay para buksan ang ilaw.

At nang kumalat ang liwanag sa buong kwarto ay nanlaki ang mga mata ko. Nandoon sina mommy, daddy at Manang. Pare-parehong nakatali ang mga kamay na nasa likuran at maging ang kanilang mga paa. Pare-parehong may busal ang mga bibig at umiiyak sa takot at pag-aalala. Hinanap ng mga mata ko ang nagmamay-ari ng anino pero bukod sa kanilang tatlo ay wala na akong ibang makita.

OceanofPDF.com

CHAPTER 200 : THE UNEXPECTED 1

THE UNEXPECTED

SIN'S POV

NAHINTO AKO sa pagta-type nang may kumatok sa pinto. Alam kong si Christian iyon.

"Pasok!" anunsyo ko saka muling ibinalik sa laptop ang paningin. "**Kumusta ang lakad mo? Ginabi ka, ah? Ano ang nangyari?"** sunod-sunod kong tanong.

Nasanay akong inoorasan ang bawat lakad at kilos namin. Late siya nang mahigit dalawang oras samantalang hindi naman ganoon kahirap ang ginawa niya.

"Dumating yong magsyota. Nahirapan akong umalis," wala sa huwisyo niyang tugon.

Agad akong napatitig sa kaniya. **"Ano ang nangyari?"**

Umiling siya tsaka bumuntong-hininga. **"Wala,"** aniya. Sa tingin ko ay wala siya sa mood at gusto ko nang malaman ang dahilan non.

Ilang beses na niyang nakakaharap ang dalawang iyon pero ngayon lang siya nawala sa mood. Ano na naman kaya ang ginawa ng babaeng Moon sa kanya?

Napangisi ako sa sariling isipin. Parati na lang may kung anong kakatwang isipin na idinudulot sa akin si Maxpein Moon bukod sa galit. Mas nakakatawa na ganito ang galit ni Christian ngayon, mukhang napikon siya nang dahil sa babaeng iyon. Marahil ay dahil sa mga kakaiba at kahanga-hangang kilos nito kaya para sa akin ay interesante siya. Maingat at parating nakabantay. Bukod doon ay alam niyang may dapat siyang bantayan. Pero hindi ko rin maitatangging ang presensya niya ay nagdudulot nang kakaibang takot at kaba sa amin. May kung anong dahilan na para bang wala kaming laban. Na para bang kayang-kaya niya kaming maniin. At ang mas nakakatakot pa ay nagagawa niya kaming basahin. Mukhang alam niya kung kailan kami takot at hindi. Tinatawanan ko na

lang ang pakiramdam, itinatanggi sa sarili ang insultong dulot ng takot at kaba.

Ang takot at kaba namang makikita sa kanya ay iba at malayo sa nararamdaman namin at sa iba pang normal na tao. Parang sanay na sanay siya sa mga pangyayaring idinudulot namin. Mukhang hindi na bago ang mga iyon sa kanya at sanay na siyang napapasok sa ganoong klase ng sitwasyon.

"Mukhang wala ka sa wisyo, Christian? Sabihin mo sa akin, ano ang nangyari?" seryosong tanong ko. Agad na nagsalubong ang mga kilay niya. **"Ano na naman ang ginawa sa iyo ng babaeng Moon?"** Sinikap kong 'wag matawa dahil alam kong magagalit siya. Talagang natutuwa lang ako na nagkakaganito siya dahil kay Maxpein. Napipikon.

"Wala siyang ginawa. Ang totoo ay hindi niya nga ako nakita." Muli siyang bumuntong-hininga. **"Iyong binatang Enrile ang nakakita sa akin, pero hindi niya alam na ako iyon, syempre. Bago pa man siya makalapit sa akin ay tumakas na ako."**

"Mabuti kung ganon," nakahinga ako nang maluwang. **"Bakit ganiyan ang hitsura mo, kung ganoon?"**

Umiling siya, sandaling tumitig sa akin. Bumuntong-hininga saka palang nagsalita. **"Napasok na natin ang lahat ng bahay nila, Sin. Pero hindi pa rin natin nakikita si Taylor."**Bagaman nandoon ang pangamba ay may mababasang galit sa kanya. **"Habang tumatagal ay mas lalo akong nag-aalala para sa lagay niya. Baka kung ano na ang ginawa nila sa kanya kaya hindi natin siya makita?"**

Ah, iyon naman pala. Akala ko ay may nangyari nang hindi maganda sa pagitan nila. Bumuntong-hininga rin ako saka tumitig sa kanya. **"Kumalma ka, Christian."**

"Paano akong kakalma, Sin? Ang kapatid natin ay nasa kamay ng mga taong iyon!" nagtaas siya ng boses. **"Hangga't hindi natin siya nababawi ay hindi ako titigil! Nasa sa iyo na iyon kung ayaw mong sumama. Hahanapin ko si Taylor nang mag-isa."** Tumayo siya saka lumapit sa may bintana. Namulsa siya at kahit nakatalikod siya sa akin ay dinig ko ang pagbuntong-hininga niya.

"Christian..." Ibinaling ko ang swivel chair papaharap sa kanya. **"'Wag mo sana isiping pinababayaan na namin si Taylor,"** nakikiusap na sabi ko. **"Ayokong mag-isip ka nang ganyan dahil mahalaga din sa akin ang taong iyon."**

"Paano kong paniniwalaan iyan gayong alam ko na nais ng Chairman na dispatsahin na natin siya?"

"Hindi naman na umalma ang Chairman nang sabihin kong kailangan natin si Taylor, hindi ba?"

"Kaya nga hanapin na natin siya sa lalong madaling panahon. Ang asawa niya ay sobra na ring nag-aalala—na halos magkasakit na. Kumilos na tayo habang tahimik at abala sa pag-aaral ang mga bata."

"Kailangan nating maging maingat sa pagkilos, alam mo naman iyon, hindi ba? Hindi basta-basta ang mga nakaharang sa mga plano natin. Kaya isang maling kilos ay pwede nating ikapahamak. Paano kapag nakita nila tayo at mabisto? Malalaman nilang tayo ang may pakana sa lahat nang nangyari. Pwede nila tayong kasuhan at sa huli ay mababale-wala lang ang lahat ng plano natin."

"Pero habang tumatagal doon si Taylor ay mas nahihirapan siya. Wala sa usapan natin na pababayaan natin ang sinuman!"

"Hindi naman natin siya pinababayaan, Christian—"

"Kung ganoon ay bakit wala pa rin siya hanggang ngayon, Sin?" galit siyang tumitig sa akin. **"Sa Chairman na rin mismo nanggaling ang utos na patahimikin na si Taylor kapag nabawi natin."**

"Christian."

"Bakit ganoon na lang bigla kung magdesisyon ang daddy mo? Hanggang ganoon na lang ba ang papel ni Taylor sa inyo?" mahihimigan ang hinanakit niya. **"Basta, kahit na ano ang mangyari ay hahanapin ko siya—"**

"Christian!" asik ko. **"Paano kung sa kahahanap mo ay ikaw ang mapahamak? Ano ang gagawin mo kapag nagkataong mahuli ka ng mga Moon? Lalo na at ang babaeng Moon na iyon ay mukhang naghihinala na sa atin—lalong lalo na sa iyo! Paano, ha? Paano?"**

"Kaya pababayaan na lang natin si Taylor? Dahil sa takot ninyo sa babaeng iyon?"

"Takot? Anong takot? Pinababayaan? Ganito ba ang pagpapabaya sa iyo? Hindi ba't pinasok ko ang bahay ni Maxwell para hanapin siya? Noong ikalawa ay pinasok natin ang bahay ng babaeng Moon. At ngayon lang ay pinasok mo ang bahay ng mga Enrile. Hindi pa ba sapat na sakripisyo ito para malaman mong hindi natin pinababayaan si Taylor? Inilalagay natin sa kapahamakan ang sarili natin para lang makita siya! Lumihis tayo sa plano at gumawa nang atin para sa

kaniya nang hindi nalalaman ng Chairman! Hindi ko sinusunod ang daddy dahil importante rin sa akin si Taylor!"

Gusto kong magalit pero sinisikap kong pigilan dahil ayaw ko siyang sabayan. Bukod doon ay naiintindihan ko namang talaga siya. Hindi ko lang gusto ang mga hinala niya na dulot nang sobrang pag-aalala.

"Nag-iingat lang tayo, Christian. Kailangan nating mag-ingat. Ngayong naghihinala na sila sa atin ay kailangan lalo nating magdoble-ingat. Dahil kapag natiklo tayong pareho ay hindi lang sa nga Moon kundi pati rin sa Chairman, mayayari tayo. Nakita mo naman kung paanong kumilos ang mga iyon, hindi ba?" malumanay kong tanong.

Sandali siyang tumitig sakin saka nag-iwas ng tingin.

"Lalo na sa babaeng Moon na iyon. Parang lahat na lang ng kilos ng mga Moon ay damay siya. Kung sino pa ang babae. Hindi ka ba nagtataka?"

"Saan?"

"Bakit hinahayaan ng mga Moon na kumilos nang ganoon si Maxpein?"

"Ano ang ibig mong sabihin, Cargosin?"

"Hindi mo ba napapansin na para siyang bala ng kanyon na basta na lang ipinuputok ng pamilya niya sa kung saan-saan?"

Nakita niya ang aking pagtataka.

"Napapansin ko na hinahayaan lang siya ng pamilya niya. Para bang may tiwala sila sa kilos niya? Ni hindi man lang gumawa ng hakbang ang pamilya nila para malaman kung sino iyong pumasok sa apartment nila. Kung sino iyong nagtangkang dumakip sa kapatid niyang bunso. Ang lahat ay ipinagpapaubaya nila kay Maxpein. Sa bawat pangyayari ay hindi pwedeng hindi niya alam. Ang lahat ay napapansin at nalalaman niya."

"Napapansin ko rin iyan. Matagal ko nang napapansin ang lahat nang iyan. May kakaiba sa babaeng iyon. At tama ang mga sinabi mo. Para siyang may itinatagong pagkatao. At mukhang hindi niya basta-basta ilalabas iyon. Masyado siyang misteryosa."

Kasabay ng pagkunot ng noo ko ay ang pagtama ng paningin namin. **"Sa tingin mo ba ay mahihirapan tayong alamin iyon? Ang pagiging misteryosa niya ang tinutukoy ko."**

Nakangiwi siyang umiling. **"Ngayon pa nga lang ay nahahalata na natin ang bagay na iyon sa kanya, ibig sabihin ay hindi magiging**

mahirap na alamin ang totoong pagkatao niya," seryoso niyang sinabi. **"Kung hindi natin madaan sa pangangalap ng impormasyon, sa kanya mismo natin aalamin."**

Sandali akong tumitig sa kanya bago tuluyang nakuha ang ibig niyang sabihin. **"Bibigyan natin siya ng dahilan para magpakilala."**

Nanliit ang mga mata niya, nanlilisik. **"May alam ka bang paraan para ro'n?"**

Napaisip agad ako at matagal bago ako nakabuo ng plano. **"Kailangan natin ng tulong ng mga mahal niya sa buhay,"** nakangisi kong sabi.

"Ang mga Moon?"

"Bukod sa mga Moon ay nandiyan ang mga kaibigan niya. At ang mga Enrile."

Ang tinginan namin ay may mas malalim na ibig sabihin. Nagkakasundo kami sa plano ni Christian.

"Pwede rin nating gamitin ang mga Echavez para may pakinabang naman sila." Tsaka sumama ang tingin ko. **"Pahihirapan natin ang Maxpein Moon na iyon. Bibigyan natin siya ng isang sitwasyon kung saan kailangan niyang gumawa ng desisyon. Isang desisyon na pahihirapan siya nang todo. Iyong magiging dahilan para magsisi at sisihin siya sa huli. Iyong posibleng dahilan para pagsisihan din niya ang pangingialam."**

"Why Maxpein?" Mula sa likuran namin ay nangibabaw ang tinig ni Eerah. Bagay na hindi inaasahan kaya ikinagulat namin.

Sabay kaming napalingon ni Christian sa kanya. Seryoso siya bagaman naroon pa rin ang natural na arte sa katawan. Salubong ang mga kilay niya, magkakrus ang mga braso habang naglalakad papalapit sa amin.

"Hindi ko matandaang siya ang target natin, Sin? Hindi ko matandaang siya ang gusto nating paghigantihan. Oo, isa siya sa mga naging sagabal sa plano natin pero...bakit siya? Bakit sa kaniya na ngayon umiikot ang laban? Ano na ang nangyari sa papel ni Chairman Enrile? Siya ang target. Siya ang pinagplanuhan. Siya ang inimbestigahan. Siya ang paghihigantihan. Bakit nasalin sa ibang tao? Bakit napunta kay Maxpein ang lahat ng ito?" mahaba niyang kuda.

Hindi ko nagawang sumagot. Nakukuha ko ang punto niya.

"You know that I am willing to help, I'm very willing to do that para sa mommy natin. But I need reasons. Valid reasons, Cargosin. At wala

na akong makitang valid reasons sa mga kilos at pinagsasasabi mo." She was damn serious.

Nag-iwas ako ng tingin. **"Masyado siyang sagabal sa mga plano natin."**

"Masyado?"

"Masyado. Lahat na lang ng plano natin ay nauudlot nang dahil sa kaniya."

"Sa anong paraan?" mataray niyang tanong.

Naglakad siya sa palibot ng aking mesa sa maarte at malanding paraan, masakit sa mata.

"Kung ako kasi ang tatanungin ay normal lang ang ginagawa niya. Natural na depensa ang mga kilos niya para sa pamilya at taong malapit sa kaniya. She's actually doing nothing against us, haven't you noticed? You're not even sure if she's really serious about suspecting us. Am I right? Lahat ng kilos niya ay normal at natural na depensa—ng kahit na sinong tao once may hindi magandang nangyari sa taong mahal niya. Mamaya niyan ay lalo kayong pagsuspetsahan no'ng tao dahil sa mga ikinikilos ninyo. Kayo pa nga ang nagbibigay sa kanya ng dahilan para paghinalaan tayo."

Hinawi niya ang buhok tsaka ngumisi. **"Bakit hindi ninyo na lang ako gayahin?"**

"Alin? Ang lumandi habang nagtatrabaho?" inis kong singhal.

"Hindi paglalandi ang trabaho ko, Sin."

"Hindi talaga trabaho yan dahil parte na ng personalidad mo yan. Natural sa iyo ang pagiging malandi, Eerah."

"Shut up or I'll shoot you in the head!" napipikon niyang sabi. Nginisihan ko lang siya. **"Si Deib Lohr ang assignment ko. At ang ginagawa ko ay hindi paglalandi kundi distractions. Para hindi ako paghinalaan no'ng magnobyo. Hindi ako katulad ninyong sugod na lang nang sugod para maisagawa ang plano. Ni minsan nga ay hindi kinuwestyon nina Maxpein ang presensya ko,"** nagmamalaki ang ngisi niya. **"Maaaring naghinala sila noong una pero ngayon ay mukhang nakalimutan na nila iyon. That's because they are too busy with their relationship with each other. They focus on one another. Abala sila sa pareho nilang nararamdaman. And they see Lovemir and I as a threat in their relationship. Hindi kalaban ang tingin nila sa amin. Kundi banta sa possibility na pagkakasira ng relasyon nila sa isa't isa."**

Nang sumeryoso si Eerah Anitha ay masama na ang tingin sa akin. **"Ngayon mo sabihin sa akin kung kalandian nga bang matatawag ang matalinong paraan ko nang pagtatrabaho, Cargosin?"**

Bumuntong-hininga ako. **"At ang Lovemir na iyon? Parte ba iyon ng trabaho o dahil nangingibabaw na ang nararamdaman mo?"**

"Damn you, Cargosin."

Ngumisi akong muli. **"Wala rin akong matandaang parte ng plano ang nararamdaman mo sa Lovemir na iyon."**

"Shut up."

"You're very unprofessional, Eerah Anitha. Paano mo nagagawang pagsabayin ang trabaho at personal na buhay—" hindi ko nagawang tapusin ang sinasabi nang tutukan niya ako ng baril.

Sandali akong nagulat saka nilabanan ang masamang tingin niya. Naglakad ako papalapit sa kaniya hanggang sa madikit ang bibig ng baril sa dibdib ko.

"'Wag ka ngang magsalita na para bang napakalinis mo, Cargosin. With the way you act right now? Mukhang hindi ako nag-iisa, dalawa tayong unprofessional dito," aniya. Pero agad na nilingon niya si Christian. **"Okay, tatlo, kasama ang isang ito."**

Halos hindi matapos ni Eerah ang sasabihin nang biglang umatake si Christian. Sumenyas ako dahilan upang huminto siya. Humahangos siyang tumitig kay Eerah na nilabanan naman ang mga tingin niya saka nakakalokong ngumisi.

"Very professional, Christian,"sarkastiko niyang idinagdag. **"Iyan na iyan kayo. Kumikilos gamit ang malalakas na katawan kahit hindi bitbit ang kakakarampot na isip. Mga inutil,"** pinagkadiinan niya ang huling sinabi.

"You're getting in to my nerves, Eerah, I can kill you right now," humahangos ko ring asik.

Masama na ang tingin niya nang lingunin ako. **"But you will die first."**

"Then do it. Shoot me," mahinang utos ko. Mas sumama naman ang tingin niya. **"I know you can't do it. Because that's how weak you are, Eerah. You're weak and easy, bitch!"**

Itinaas niya ang baril papunta sa labi ko. **"And you're pitiful, Sin. Wala kang ibang natatanggap kundi awa. Puro awa. Pati tira-tirang awa, sinasalo mo. Hindi ko na magawang maawa sa iba dahil lahat ng awa ko ay nasa iyo na. Sa iyo na lahat napunta."**

Kumuyom ang kamay ko sa galit at pagkainsulto. Kaunti na lang ay gusto ko na siyang saktan. Napipika ako sa kanya.

"Tayo-tayo na ba ang maglalaban ngayon?" sabat ni Christian na ipinakita rin ang baril niya sa baywang. Napaismid ako sa sobrang pagkaasar.

"Nakita mo na ngayon kung ano ang nagagawa sa atin ng Maxpein na iyon?" asik ni Christian.

Nagpalakad-lakad siya at sinamaan kami ng tingin ni Eerah Anitha. Napabuntong-hininga na lang ako.

"Wala pa siya sa harap natin ay nagkakaganito na tayo. Ngayon pa lang ay naiisip ko na kung ano ang magiging hitsura niya kapag nakita niya tayo sa ganitong sitwasyon. Ang mukha ng babaeng iyon ay parang anghel. Dahilan para hindi natin malaman kung ano ang tumatakbo sa malademonyong isip niya! Delikado ang isip niya!" Hiningal siya sa sobrang bilis nang pagsasalita. **"Sumabay ka na lang sa plano, Eerah. Wag mong pairalin yang katigasan ng ulo mo—"**

"Don't tell me what to do, Christian. Dahil hindi tulad nimyo, successful ang mga kilos ko. Ilang beses na nga bang binago ang plano dahil sa palpak ninyong pagkilos? Imbes na ako ang turuan ninyo, bakit hindi na lang kayo ang gumaya sa akin? Mas dapat sundan ang may nagagawa kaysa sa tulad ninyong wala."

"Stop it, Eerah," malumanay na pakiusap ko. Nakakapikon ang pagiging sarkastika niya.

"Imbes na magbunganga kayo ay mag-isip na lang kayo ng bagong plano para maging mas successful ang naunang plano. Matalinong kilos ang tawag do'n," sarkastika pa rin niyang sabi.

Hinawi niya ang buhok saka kami tinalikuran. Pero huminto siya bago pihitin ang siradura ng pinto, at lumingon sa amin.

"May party akong pupuntahan three days from now. At makakasama ko ro'n ang magnobyong iyon. Ako na ang bahala kay Deib Lohr,"matalas ang tingin niya sa amin. Bahagya namang kumunot ang noo ko. **"Gagawa ako ng paraan para maghiwalay ang dalawang iyon. Ipagpaubaya ninyo na sila sa akin."**

"And what will you do?" Hindi ko napigilang magtanong pero hindi niya rin ako sinagot. **"What are you planning to do, Eerah?"**

"Isa iyong bagay na hindi magagawang intindihin ng mga utak na gaya ng sa inyo. Kaya sa akin na lang iyon," pairap niyang sinabi saka

nilisan ang kwartong iyon.

Napako ang masamang tingin ko sa kinatatayuang iyon ni Eerah at saka ako napaisip. Lalong pinasama nang naisip ko ang tingin ko sa pintong iyon.

Bitch.

"Cargosin," pinigilan ng boses ni Christian ang akmang pagsunod ko kay Eerah. Inis ko siyang nilingon. **"Sa halip na pagtalunan natin ang mga iyon, gaya nang sinabi ni Eerah ay gumawa na lang tayo ng ibang plano."**

"Tulad naman ng ano?" pasinghal kong tanong.

"Pasukin natin ang mga natitirang bahay na tinutukoy mo."

Napaharap ako sa kanya. **"Ano?"**

Tumango siya. **"Bakit hindi? Nasisiguro kong makatutulong naman sa atin kung gagawin natin iyon."**

"Pero—"

"Huwag mo sabihing natatakot ka na?" kunot-noong tanong niya.

Kumunot din ang noo ko. **"Ako? Kanino?"** inis kong tanong. **"Sa Maxpein na iyon?"** nameke ano ng halakhak. **"Kayang-kaya kong durugin ang babaeng iyon—ano ang naisip mo para katakutan ko siya? Nahihibang ka."**

"Kung ganon ay bakit hindi natin subukan?"

"Paano kung mapahamak tayo? Maraming pwedeng gawing hakbang—bakit dederetso ka sa pinakadelikado?"

"Eh, di takot ka nga?" Tila naghahamon ang tinig niya kaya lalong kumunot ang noo ko.

"Nahihibang kana ngang talaga, Christian."

"Oo at hindi lang ang inaasahan kong sagot mo at bukod doon ay wala na, Cargosin. Hindi kita kilala sa ganyang pag-iisip. Kapag ganitong plano ay inaasahan kong susugod ka agad." Matalas ang dila niyang sabi. **"Kung sa ganitong paraan ko lang posibleng makita si Taylor, maaari mo na akong tawaging hibang. Kung iyon nga ba ang tawag doon. Gusto ko siyang makita. Bilang nakatatandang kapatid sa kanya ay gusto kong maibalik siya sa atin. Matatahimik lang ako kapag kasama na uli natin siya,"** seryoso siya. **"Pero kung hindi mo kaya ay pwede naman akong magsolo. Hindi ako maduduwag sa mga iyon."**

"Hindi ako duwag."

"Kung ganoon, bakit may hesistasyon ka? Anong dahilan ng pag-aalinlangan mo?" inis niyang tanong.

"Nag-iingat lang ako."

"Pwede naman tayong mag-ingat habang kumikilos, Sin." Ngumisi siya nang todo saka sumama ang tingin. **"Bakit hindi mo na lang kasi amining natatakot ka?"**

"Sige," nanghahamon ko ring sagot. **"Gawin natin ang gusto mo."**

"Patunayan mo sa akin na hindi ka natatakot sa mga iyon, Cargosin."

"Wala akong kailangang patunayan sa iyo."

"Meron. At iyon ay ang importansya sa iyo ng mga taong nasa paligid mo at itinuturing mong pamilya."

Hindi na ako sumagot. Sandali kong nilabanan ang titig niya saka ko siya tinalikuran. Naroon talaga sa dibdib ko ang bagabag. Pakiramdam ko ay may mali. Kinukwestyon ko agad ang aking sarili kung tama ba ang naging desisyon kong pumayag. Nagdadalawang-isip din ako sa sarili ko.

Bakit ganito ang pakiramdam ko? Imposibleng natatakot ako sa mga iyon—lalong-lalo na sa babaeng iyon. Hindi. Mali. Imposible. Hindi ako natatakot sa kaniya—sa kanila. Gusto ko lang maging maingat. Wala ito sa plano. Wala rin akong dahilan para katakutan ang babaeng iyon. Wala. Dahil isa akong Rewis. Nabibilang ako sa pamilyang dating masaya pero nabuhay ang galit dahil sa kanila. Nagkamali sila ng taong kinabangga. Dahil hindi kami iyong taong titigil hangga't hindi nakukuha ang hustisya.

Itinigil ko ang pag-iisip, nakapagdesisyon na akong sasama sa kanya. Sandali kong pinagpahinga ang isip ko saka namin pinagplanuhan ang gagawing pagpasok sa mga bahay na natitira. Kasabay noon ay ang pagpaplano sa pagsugod kung sakaling mahuli kami. Hindi ko na nasundan pa si Eerah Anitha.

MAX'S POV

HINDI KO man lang namalayang nakauwi na pala ako sa mansyon. Sa takot kong baka makuwestyon na naman ng magkapatid ay umakyat na agad ako sa kwarto at doon nagkulong at nag-isip.

He wants to have sex with me?

Nagbaba ako ng tingin sa dalawang kamay ko. Hindi ko alam kung ano ang mararamdaman sa sinabing 'yon ni Sensui. Parang gusto kong matawa na ewan. May parte sa 'kin na humahanga dahil sa lakas ng loob niyang umamin, totoo yon. Pero meron din sa 'king nadidismaya. Bukod pala sa

nangyari sa 'min no'ng nakaraan sa Tagaytay ay may gusto pa siyang iba. At may maliit na parte sa kalooban kong natatakot. Natatakot na posibleng mangyari nga iyon dahil gaya niya ay baka hindi ko rin mapigilan ang sarili kong magparaya sa kaniya. Kilala ko ang sarili ko at aminado akong pagdating sa kaniya ay nagbabago ang mga pananaw ko. Nawawala ako sa katinuan lalo na sa kakayahan kong magdesisyon.

Napapikit ako sa mga naiisip ko. Pakiramdam ko ay ibang kaluluwa ang nasa loob ng katawan ko. Hindi ko makilala ang sarili ko.

Hindi ko akalaing aabot kami sa ganito.

Para sa ibang nakakaalam ay wala pang nangyayari pero para sa 'kin ay meron na. Higit kasi sa dapat ang mga ginawa niya. At hindi ko alam kung ano ang mararamdaman ko ngayong nalaman kong mas higit pa pala talaga ro'n ang gusto niya.

Kinakatok ako para kumain pero hindi na ako lumabas. Mas pinili kong magkulong na lang sa kwarto. Pinilit kong makatulog pero nabigo ako. Hanggang alas kwatro ng madaling-araw ay gising ako. Kaya naman alas nuebe na nang magising ako at nagmadaling pumasok. Pero dahil late nga ako ay hindi ako tinanggap sa ikalawang klaseng dinatnan ko. Wala akong choice kung hindi ang tumambay na lang muna sa canteen. Doon ay para akong praning. Sa t'wing may darating ay nagugulat ako. Nag-aalala akong baka si Sensui 'yon. Pero lumipas ang sandali nang hindi naman siya pumupunta sa campus namin.

Bakit ba iniisip mong pupunta pa siya? Hindi naman manhid 'yon para hindi mahiya. 'Yong nauna nga niyang ginawa ang naging dahilan kaya ka niya iniwasan, 'di ba? Pero kailangan mo ring aminin na gusto mo siyang makita, Maxpein. Tss.

"Hey, I knew you're here,"nangibabaw ang tinig ni Lovemir, hindi ko siya nagawang sagutin. **"Why are you late?"**

"Tinanghali nang gising," pilit ang naging pagngiti ko.

"Tsk tsk. Tara na sa field, P.E."

"Okay."

Sumunod ako at dumeretso sa changing room. Saka kami sabay-sabay na pumunta sa field. Naglalaro na ng volleyball ang mga kaklase namin nang datnan namin. Nakisali agad doon ang mga bakla habang si Naih naman ay dinunggol-dunggol ang balikat ko.

"Anong nangyari sa 'yo kagabi?"tanong niya.

"Hindi maganda ang pakiramdam ko, eh."

"Saan ka ba nanggaling?"

"Kina Sensui."

"Anong ginawa mo ro'n?"

"Wala, nag-usap lang kami."

"Oh, kumusta naman daw? Madalang kayong magkita, ah?"

"Busy ako, busy siya."

"Eh, kumusta naman nga raw siya?"

"Ayos naman." Bumuntong-hininga ako. **"Sumali ka na lang sa kanila, maingay 'yang bibig mo."**

"Oo. Bawal kang sumali, 'yang kamay mo kasi. May kapangyarihan. Hahaha! Baka mag-spike ka ro'n, eh, tumalsik 'yong sasalo," biro niya pero hindi ako natawa. **"Hehe. Ang korni ko ngayon, 'no? Mali ang gising, eh."**

Nanood ako sa mga naglalaro pero naglalayag ang isip ko. Ganoon pa rin ang tumatakbo at naglalaro sa utak ko. Ang mga nakawiwindang na sinabi at pag-amin ni Sensui. Parang natatakot pa rin ako na hindi ko maintindihan at gusto ko nang mahinto sa pag-iisip. Parang nadinig naman ng hangin ang kagustuhan ko dahil natinag ako sa paglapit ni Lovemir.

"Don't you want to play? Hindi ka mabibigyan ng score sa pag-upo lang diyan," itinuro niya pa ang damuhang kinasasadlakan ko. **"Come on!"**

Napabuntong-hininga ako saka tumayo. Eksakto namang pinulot niya ang bola saka kami sabay na naglakad.

"Tahimik ka?" nakangiwi niyang sabi. **"Nasanay na akong seryoso ka pero nakakapanibago ngayon. Is there a problem?"** Tumunghay siya sa akin. **"Maybe I can help**

"Wala, ayos lang naman ako."

Ngumiti siya saka tumango. **"Mukhang may idea na ako,"**nakangiwi niyang sabi. **"Isang tao lang naman ang dahilan parati."**

"Tss."

"Just go with the flow, Maxpein. Add a little smile on your face, please. Nababawasan ang ganda mo," aniya saka nagpaunang maglakad.

Kunot-noo ko siyang sinundan ng tingin saka ako nagpatuloy hanggang sa makalapit sa kanila.

Anim sa bawat court sa larong iyon. Halo-halo ang babae at lalaki sa bawat team na binubuo ng twelve students. Dalawa ang net kaya naman apat na teams ang nakakapaglaro. Ang inaasahan ko ay kakampi ko si

Lovemir. Nagkamali ako. Hinintay niya lang akong pumuwesto saka siya lumipat sa kabilang court at humarap sa akin. Tatlo ang nasa harapan at tatlo rin ang nasa likuran sa court namin. Nasa gitna ako ng mga nasa likuran, sa pwesto ng libero, doon kasi ako ipinuwesto ng spiker na siyang nasa unahan. Nasa kabilang team ang bola kaya sabay-sabay kaming pumusisyon bilang paghahanda ng depensa. Tumira ang kabilang team at agad kong na-stop ang bola. Na agad ding nai-toss ng nasa harapan para ma-spike ng nasa gitna. Nakuha iyon ni BJ na ipinasa kay Migz at in-spike agad.

Nang muling mapunta sa amin ang bola ay ako na naman ang sumalo para mai-set iyon nang ayos sa tosser at spiker. Pero gaya namin ay magaling ang depensa sa team nina BJ, Migz at Lovemir. Hindi tuloy mawala at nagtuloy-tuloy lang ang pagtira.

Hindi ko inaasahang malilibang ako sa paglalaro. May mga sandaling natatawa ako dahil sa posisyon ng mga bakla kapag tumitira. Kung makasigaw naman si Naih, na kasama ko sa team, akala mo ay nasa palarong pambansa siya. Feel na feel ni Naih ang mag-spike ng bola.

Sandali tuloy nawala sa isip ko ang mga bagay-bagay na naglalaro sa utak ko kanina. Masyadong natuon sa paglalaro ang buo kong atensyon.

Mayamaya pa ay ako na ang magse-serve. Lumayo ako ng isang dipa mula sa linya dahil alam kong magiging malakas ang spike ko. Inikot-ikot ko sa kamay ang bola habang naghahanap ng butas sa kabilang team. Napangiti ako sa paghahanap. Lahat sila ay mga nakayuko na at nag-aabang sa gagawin kong pagtira. Huminto ako sa likuran ng kasalukuyang libero saka initsa sa ere ang bola. Tumalon ako kasabay ng pag-arko ng likuran ko saka ko in-spike ang bola.

Pero kahit na anong lakas ng tira ko ay nagawa iyong depensahan ni BJ. Ano pa ba ang aasahan ko? Magagaling ang mga bakla sa larong ganito. Mabilis niyang nai-set ang bola na sa huli ay in-spike pabalik ni Migz sa court namin. At sa sobrang lakas noon ay kinailangan kong lumabas muli sa linya para mahabol ang bola. Nagawa ko naman nang ayos. Pero natigilan ako nang may mapansin sa di kalayuan. Kinailangan ko pang aninagin kung si Sensui nga ba ang nakita ko. Dahil sa isang iglap ay naharangan na ito ng poste. Nanlumo akong nang masigurong siya nga iyon at kasama na naman si Eerah Anitha. Ang mas malala pa ay nakaangkla na naman sa braso niya ang braso ng dalaga.

Kumunot ang noo ko. Magsasalita na sana ako nang tumama sa akin ang bola. Agad akong naliyo at natumba sa damuhan. Parang pinompyang ang mukha ko, naramdaman kong yumanig ang pisngi ko.

"Max!" sabay-sabay nilang pagtawag.

Iniangat ko agad ang kamay ko para matigilan sila sa sunod-sunod na pagtakbo papalapit sa akin. Nakapikit kong hinawakan ang ulo ko gamit ang magkabila kong palad. Naalog ang utak ko at masakit iyon. Parang may kung anong kirot agad.

"Hey, are you okay?" Nangibabaw na naman ang tinig ni Lovemir.

Nasa harapan ko na siya nang magdilat ako, nakaupo sa mismong harap ko.

"Are you okay?" muling tanong niya.

Ngunit hindi ko nagawang sumagot. Noon ko lang siya nakitang alalang-alala sa akin. Nababasa ko iyon sa mga mata at nahihimigan sa tono niya.

"Maxpein!" pagtawag niya.

"Yes," napalakas ang pagsagot ko, natuliro. **"I'm okay."**

"Wag ka nang maglaro,"maawtoridad niyang sabi saka tumayo at inilahad ang kamay sa akin. **"Let me help you up."**

"I'm okay," sabi ko na sumubok tumayo. Nagdahan-dahan ako para masigurong hindi na uli mahihilo.

"Doon ka na lang sa tabi at manood," suhestyon niya.

"Hindi, ayos lang ako," nakangiting sabi ko.

"No," aniya na masama na ang tingin.

Kumunot ang noo ko. **"Why not?"**

"Dahil sabi ko," aniya na biglang hinawakan ang pulsuhan ko at bahagya akong hinila papalapit sa bench. **"Stay here. I'll get you something to drink."** Noon ko lang din narinig ang kakaibang awtoridad sa tono niya.

Nakamaang kong sinundan ng tingin ang paglayo ni Lovemir. May mga sinabi at isinenyas pa siya sa mga kaklase namin saka nagpatuloy sa paglalakad. Nagpatuloy sa paglalaro ang nga naiwan. Nagsali sila ng dalawa para punan ang pwesto namin ni Lovemir sa magkabilang team.

Patakbong lumapit pabalik si Lovemir at sa magkabilang kamay ay hawak niya ang isang bottled water at ice pack.

"Here," aniya na agad na naupo sa tabi ko, nakaharap nang bahagya sa akin.

Inilagay niya sa pisngi ko ang ice pack at sapilitang inihawak ang kamay ko doon. Binuksan ang bottled water ay muling iniabot sa akin.

"What were you thinking?" kunot-noo na naman niyang tanong. **"Hindi ka nagpo-focus sa game kaya ka tinamaan."** Hindi ko malaman kung ano ang isasagot. **"Just stay here. Hindi ka na pwedeng maglaro,"** aniya na inalis ang kamay kong nakahawak sa ice pack tsaka tiningnan ang pisngi ko. **"Will you stop staring at me and focus on that?"** pasinghal niyang sabi habang nakaturo sa ice pack. **"Mali naman ang nilalagyan mo."**

Iniurong ang ice pack at sapilitan na namang inilagay ang palad ko.

"Aray," reklamo ko nang mapadiin ang pagkakalagay niya.

Lalong bumalatay ang pag-aalala sa mukha niya. **"I'm sorry, I'm sorry,"**mabilis at magkasunod niyang sinabi. **"Hindi ka naman kasi tumitingin."**

"Tss," hindi ko naitago ang mahinang pagtawa. **"Yung bola ang lumapit sa 'kin."**

"Ang sabihin mo, hindi ka talaga maingat. Let me help you."

"Eh, bakit ba alalang-alala ka? Maliit na bagay pa 'to kompara sa mga nakasanayan ko."

Nagulat siya. **"What?"**

"Malakas pa ang pitik ko ro'n, eh,"tumatawa at walang halong pagmamayabang kong sabi. Pero mukhang nahanginan siya sa akin. *Tss.***"Ayos lang ako, okay? Malayo sa puso to,"** pilit kong biro.

"Kailangan mo pa ring mag-focus."

"Saan ako magpo-focus, eh, nasa labas na ako ng court?" tumatawa kong tugon. **"Kapag tinamaan pa ko bubutasin ko na 'yong bola, 'wag kang mag-alala."**

"Stop fooling around, Maxpein."

"I am not, bakit ba ang seryoso mo?" natawa na naman ako pero hindi na siya sumagot.

Kunot na kunot ang noo niya at tutok na tutok sa pagdadampi ng ice pack sa mukha ko. Noong una ay natatawa pa ako pero ilang saglit lang ay nawala ang ngiti sa labi ko. Hindi tama ang sitwasyon, iyon ang naisip ko. Sumeryoso ako at bumuntong-hininga. Tsaka ko iniiwas ang mukha ko. Dahilan para magtamang muli ang paningin namin. Halatang nagulat siya kaya pilit akong ngumiti.

"Ayos nako, salamat," sabi ko saka tumayo.

"Kailangan mong lagyan nito 'yan. Baka mamaga at magpasa."

"Malayo 'to sa baga. Makakahinga pa rin ako kahit mamaga 'to at magpasa," nakangisi kong sabi saka naglakad papalayo.

Napabuntong-hininga na lang ako. *Gano'n na pala ako kakomportable sa taong iyon para hayaan ko siyang lumapit sa akin. Tss.*

"Anong eksena 'yon?" Lumapit sa akin si Naih. Alam kong iyong ginawa ni Lovemir ang tinutukoy niya.

"Wala."

"Naku, tsk tsk! Nasa tertiary tayo! Kapag nakita ka ng babaklain mong nobyo—gera to!"

"Tss." Hindi ko na siya pinansin. Naalala ko ang dahilan kung bakit ako natigilan at tinamaan ng bola.

Muli kong nilingon ang gawing iyon kung saan ko nakita sina Sensui at Eerah Anitha. *Gano'n na rin ba siya kakomportable sa babaeng iyon para hayaan niyang lumapit sa kaniya?*

Napabuntong-hininga na lang uli ako saka lumapit sa kumpulan ng mga kaklase ko.

"We will be having our swimming class tomorrow," anunsyo ni Mr. Camerino, lecturer sa PE class. **"You should be in your complete swimming attire. Shirts and maong shorts are not allowed. Wear your goggles, ear and nose plug, flippers and cap before diving. Is that clear?"**

Sabay-sabay na sumagot ang karamihan, maliban sa akin.

Pipihit na sana ako sa likuran nang muling matigilan. Hindi ko napansin ang iilang pulgadang distansya namin ni Lovemir. Nagbaba siya ng tingin sa akin at nagtaas ng kilay.

"What?" tanong niya.

"Masyado kang madikit,"nakangising biro ko saka nagpaumunang maglakad.

Agad naman siyang humabol. **"Madikit? What do you mean by that?"**

"Sticky 'yon sa Ingles," muling biro ko. Hindi ko alam kung bakit panay ang pagbibiro ko. *Lakas maka-ewan ng pakiramdam. Tss.*

"Hey, let's eat lunch together,"anyaya niya pero hindi ako nakinig. Sumunod ako sa mga kaibigan ko.

Sumabay mag-lunch sa amin si Lovemir. No'ng una ay ayos lang naman pero kalaunan ay inaasar na kami ng mga kaibigan ko kaya sinita ko sila.

Nanahimik sandali at nang maghapon ay nagsimula na naman. Hindi ko na lang sila pinansin.

Naiisip ko si Sensui sa t'wing aasarin nila ako kay Lovemir. Lalo na dahil sa nakita ko kanina. Prenteng-prente si Eerah Anitha sa pagkakaangkla ng kamay sa braso ng boyfriend kong nagpapaubaya lang. May nagmamaktol sa kalooban ko. Hindi mapakali ang kamay ko. Parang kating-kati iyon na mag-text para kwestyunin si Sensui.

"Pupunta ka sa party?" Lumapit na naman si Lovemir matapos ang klase.

Nagsara ako ng bag bago siya hinarap. **"Anong party?"**

"'Yong party sa Sunday. 'Yong party ng kaibigan namin?"

Bumuntong-hininga ako 'tsaka nag-iwas ng tingin. **"Siguro,"** 'tsaka ko siya muling nilingon. **"Hindi pa kami nakakapag-usap ni Deib Lohr tungkol doon."**

"I see, sana ay mapag-usapan ninyo na agad."

"Hindi ko pa rin maintindihan kung bakit kailangang kasama kami ro'n. Pero...sige, kakauapin ko siya."

Ngumiti siya. **"Sabay na tayo palabas?"**

Nagkamot ako ng ulo. **"Sasabay ako sa kanila,"** itinuro ko ang mga kaibigan ko.

Ngumiwi naman siya. **"Di sumabay tayo sa kanila,"** aniya na umastang parang naghihintay

Hindi na ako nagmatigas. Kahit na meron talagang hindi maipaliwanag sa 'kin na ayaw sumabay sa kaniya.

"Excited na ako sa swimming class natin bukas," mayamaya'y aniya nang naglalakad na kami.

"Bakit? Marami ka kasing makikitang sexy?" pang-aasar ni BJ.

"Marami ba ang sexy sa klase natin?" tugon na biro ni Lovemir. **"Parang iisa lang naman ang nakikita ko."**

Naramdaman ko nang magbaba ng tingin sa akin si Lovemir. Tiningnan ko lang siya sa gilid ng mata ko at hindi nilingon. Saka ko itinuon ang paningin sa dinaraanan. Alam kong matagal siyang tumitig sa 'kin pero hindi ko na 'yon pinansin.

"Si Zarnaih," bigla ay dagdag ni Lovemir.

Bigay na bigay na humagalpak ng tawa si Naih. **"Alam mo, Lovemir, mula nang una kitang makita—alam ko nang makakasundo kita! Parehong-pareho talaga tayo ng taste!"**

"Tss." *OA talaga.*

"Oh, my god! Don't stop me!"muling banat ni Naih. **"Ano pa, bukod sa sexy, Lovemir? Tell me more!"** Pero hindi na siya nakatanggap pa ng tugon, sa halip ay nagtawanan na lang sila.

Naunang umuwi sina Michiko at 'yong dalawang bakla nang makarating kami sa parking lot. Si Lovemir naman ay halatang hinihintay pa akong magpaalam. Hindi ko siya pinansin. Sumunod ako kay Naih papunta sa motor namin. At no'ng pipihit na ako pasakay ay 'tsaka gumawa ng hakbang para mapansin. Hinawakan niya ang kambyo at umastang ginagawa iyon para hindi matumba ang motor ko.

Tiningnan ko siya. **"May sariling buhay 'to, kayang-kaya niya ako,"**biro ko na ang tinutukoy ay ang motor ko. **"Salamat,"** sabi ko na inagaw ang manibela sa kaniya.

"Ang sungit naman nito," pabulong niyang sabi. **"Ingat ka sa pagmamaneho."**

"Salamat," sabi ko 'tsaka agad na isinuot ang helmet.

Hindi ko na hinintay pa si Naih, bumusina lang ako at nagpaumuna nang umalis. Binilisan ko ang pagmamaneho at walang inisip kundi ang trapiko.

Nang makarating kami sa mansyon ay dumeretso ako sa kusina para uminom ng tubig. Naramdaman ko naman ang paglapit ni Naih.

"May napapansin ka kay Lovemir, 'no?" tanong niya, hindi naman ako sumagot. **"Siguro attracted 'yon sa 'yo—"** natigilan siya nang muntik ko nang maibuga ang iniinom ko. **"Oh, bakit?"**

"Anong attracted?"

"Ay, grabe, hindi mo alam 'yon?"

"Tss."

"Joke," siniringan niya ako 'tsaka sumandal sa pasemano habang umiinom. **"Ewan ko, feeling ko lang ay may something siya sa 'yo."**

"Anong something?"

"Para kasing lapit siya nang lapit sa 'yo? Ramdam mo?"

"Hindi."

"Sus, Maxpein! Sa tagal nating magkaibigan ay alam ko na kung kailan ka nagsasabi nang totoo at kung kailan hindi!"

"Oh, eh, anong punto mo?"

"Nararamdaman mo rin 'yon! Aminin mo?"

"'Sarap mong kausap, eh, 'no? Magtatanong ka tapos ipipilit mo."

"Dahil alam kong tama ako!"

"Guni-guni mo lang 'yan."

"At feeling ko, hindi pa niya alam 'yon. 'Yong para bang pati siya ay in denial kung attracted na ba siya sa 'yo o hindi pa? Alam mo 'yon?"

"Ewan ko sa 'yo," sabi ko 'tsaka siya tinalikuran.

"Kung makaiwas ka naman—'kala mo naransan mong pagkaguluhan ng isang basketball team! 'Oy! Kausapin mo 'ko!" humabol siya sa 'kin.

"May boyfriend ako."

"Alam ko. Alam din ng buong pamilya natin 'yon. Si Lovemir ang topic dito kaya 'wag kang lumilihis. May gusto siya sa 'yo at nahahalata ko 'yon!"

"Assuming ka lang talaga."

"Anong assuming? Halata lang kasi talaga siya, Max! Alam mo ba na kitang-kita na alalang-alala siya sa 'yo kanina no'ng tamaan ka ng bola?"

Ipinaalala niya na naman tuloy sa 'kin ang nakita ko kung bakit nangyari 'yon kanina.

"Hindi nga lang ako ang nakahalata, eh! Kung narinig mo lang 'yong mga kasama natin kanina, eh, baka magulat ka dahil pati sila ay kinakantsawan kayo! Psh! Sabi nila, 'uyyy!" nanunukso ang tono niya 'tsaka ngumisi.

"Tumigil ka nga," seryosong sita ko.

"'Sus! 'Wag mo sabihing hindi ka kinikilig sa mga ginagawa niya?"

Ngumisi ako. **"Ang taong masaya at kontento sa relasyong meron siya ay hindi na kinikilig pa sa iba."**

Napamaang siya. **"Gano'n? Eh, pa'no na si Dingdong?"**

"Ewan sa 'yo," tinalikuran ko na uli siya at saka ako umakyat.

"Alam mong kaya tumatag ang pagkakaibigan natin ay dahil pareho natin siyang crush! Maxpein! 'Oy! 'Oy, Max!"

Napakaingay!

Nauna na ako sa kwarto pero sumunod pa rin siya. Inilapag ko ang gamit 'tsaka nahiga at pumikit.

"'Oy, may isusuot ka na ba sa swimming class natin bukas? Grabe, excited na ako!" aniya na naman, hindi ako kumibo. **"Grabe, kinilig kasi ako ro'n sa sinabi kanina ni Lovemir na sexy raw ako! Hahaha! Napaka-honest niya naman at down to earth!"**

Kumunot ang noo ko habang nakapikit. *Down to earth? The heck...*

"Isuot mo 'yong swim suit na suot mo no'ng mag-birthday ka sa Palawan, Max! 'Yong tinawag ka ni Sensui ng Johnny Bravo?" seryosong aniya, walang bahid nang pang-aasar pero napikon ako.

Dumilat ako, bumangon at sinamaan siya ng tingin. **"Doon ka na nga muna sa kwarto mo? Puno na ng impormasyon ang utak ko. Hindi ko na ma-digest 'yang mga ikinukuda mo. Tss."**

"Ang sungit mo! Meron ka, 'no? 'Oy! Hindi ka pwedeng lumangoy kapag ganiyan!"

"Tss, humihinto naman sa tubig 'yon."

"Eh, di meron ka nga?"

"Doon ka na muna sa kwarto mo,"singhal ko na itinuro pa ang pinto.

"Ang arte nito! Manakit sana 'yang puson mo! Bleh!"

Dahil sa pagod ay nakatulog ako matapos umalis ni Naih. Pero hindi ko inaasahang papaliwanag na nang magising ako. Pakiramdam ko ay kanina lang ako natulog. Naka-uniform pa ako kaya pagkabangon. Iiling-iling akong dumeretso sa banyo.

*Bakit hindi nila ako ginising? Tss.*Kumilos ako bagaman maaga pa. Nakahanda na ako nang bumaba. Nandoon na ang lahat at nag-aagahan.

"Hindi ka na namin ginising kagabi kasi nakanganga kang matulog. Nakakahiya namang bulabugin ang pagkakahimbing mo," pabulong na ani Naih matapos kong maupo. **"Oh, kape, para mahimasmasan ka. Daig mo pa ang naglasing,"** dagdag biro niya.

"Good morning," bati ko nang mapansing nakatingin ang lahat sa akin, lalo na si Chairman Moon.

Hindi ako umaasang may masasabi sila ngayong umaga dahil nandito ang magkapatid. Hindi kami nag-uusap tungkol sa mga dapat pag-usapan kapag kaharap sila.

Tahimik ang agahan. Naging maingay lang nang papasok na kami ni Naih. **"Anong dala mong swim suit?"**tanong niya habang inilalabas naming pareho ang motor.

"T-shirt 'tsaka cycling shorts."

"Ang korni mo naman! Sinabi na nga ni sir na bawal ang shirt." Hindi ko na siya pinansin. Nauna na akong magmaneho.

Hindi ko inaasahang makikita si Sensui sa parking lot. Nakatingin na siya sa akin. Sandali akong natigilan. May kung anong kabang idinudulot sa 'kin ang tingin niya. Naging mabagal tuloy ang pagkilos ko pababa sa motor, maging ang paglapit sa kaniya.

"Hinihintay talaga kita," aniya, seryoso. Tumingin siya sa relos at saka huminga nang malalim. **"Pumasok talaga ako nang maaga para makausap ka, sandali lang naman 'to."** Hindi ako kumibo. **"Kumusta?"**tanong niya na para bang ang tagal naman naming hindi nagkita.

"Ayos naman."

"Balita ko, tinamaan ka raw ng bola? Ayos ka lang ba?"

Hinawakan ko ang parte ng mukha kung saan tumama ang bola. Wala namang bukol at wala akong sakit na nararamdaman doon. Naalala ko tuloy ang ginawa ni Lovemir kahapon.

"Ayos naman," ngumiti ako. **"Malakas 'yong tama pero okay naman ako,"** tumango-tango ako.

"Sorry sa sinabi ko no'ng nakaraang gabi," seryosong aniya. Natigilan ako at napatitig sa mga mata niya. **"I'm really sorry,"** nagbaba siya ng tingin sa mga kamay. **"Hindi ko tuloy alam ngayon kung paano kang kakausapin. Nahihiya ako sa 'yo."** Hindi ko rin alam kung paano siya sasagutin, nahihiya rin ako at kinakabahan. **"Galit ka ba sa 'kin?"**

"Hindi," mabilis kong sagot sabay iling. **"Nabigla lang ako pero...hindi ako galit,"** sinikap kong maging sinsero.

Sa pagkakatanda ko nang sandaling iyon lang ako nagalit. Hindi na ngayon.

"Nahihiya rin ako sa 'yo at hindi ko alam kung paano ka haharapin,"dagdag ko.

Naihilamos niya ang kamay sa mukha 'tsaka namaywang. Tumingin siya sa malayo. Narinig ko siyang bumuntong-hininga.

Matagal bago niya ako muling tiningnan. **"Mahal mo pa rin naman ako kahit hindi tayo araw-araw na magkasama, 'di ba?"** tanong niya. Kumunot ang noo ko. **"Maganda siguro kung magpo-focus muna tayong pareho sa pag-aaral,"**bumuntong-hininga pa siya.

Hindi ko maipaliwanag ang kaba. May kirot na idinudulot ang haplos na nararamdaman ko sa dibdib. Nag-iwas ako ng tingin at kinutkot ang mga daliri upang mabale-wala ang lungkot.

"May...magaganap na optional training and seminar sa Japan next month, interesado ako. Gusto kong sumama para makapag-practice sa course ko habang maaga. Ang sabi ng prof namin ay advanced learnings na rin 'yon."

Napatitig kami sa isa't isa at nagpakiramdaman. Hindi ko alam kung ano ang sasabihin. Blanko ang utak ko.

Bumuntong-hininga siya bago muling nagsalita. **"Malalayo ako sa 'yo, Taguro."**

Ngumiti ako bagaman pakiramdam ko ay sasabog ang dibdib ko. Naintindihan ko ang lahat ng sinabi niya pero parang lumabas lahat iyon sa kabilang pandinig ko.

"Ayos lang," pilit ang ngiting sagot ko. Nabasa ko ang lungkot sa mga mata niya.

"Malungkot ka?"

"Matagal ba 'yon?" pinilit kong magmukhang interesado.

Hindi ko alam kung bakit para bang maiiyak na ako. Samantalang para naman iyon sa pag-aaral niya. Nagloloko yata ang pang-intindi ko.

Tumango siya, naroon din ang lungkot sa mukha. Lungkot na hindi para sa kaniya kundi para sa 'kin.

"Para naman sa 'yo 'yan, 'di ba?"

"Para sa 'yo at sa 'kin. Para sa 'kin kasi gusto kong magkaroon nang magandang kinabukasan. Para sa 'yo kasi ikaw ang gusto kong makasama sa kinabukasan." Seryosong-seryoso siya pero makikita talaga ang lungkot sa mga mata. **"Nagpapaalam ako dahil ayaw kong isiping mong umiiwas ako gaya noong nakaraan. Hindi ko 'yon sinasadya, Taguro, hindi 'yon naging madali para sa 'kin."**

"Pero ano ang totoo?" wala sa sariling tanong ko. Natigilan siya. Nagbaba siya ng tingin, lumunok pa bago muling tumingin sa 'kin. **"Gagawin mo ba 'to para umiwas uli sa 'kin?"**

Tumango siya. Nag-init agad ang mga mata ko kaya agad akong nagbaba ng tingin.

"That's the main reason, to be honest. Pero naisip ko ring makakatulong naman din 'to sa 'kin," palubag-loob niya pa. Muli siyang huminga nang malalim. **"Desidido na akong sumama, babe. Gusto kong pumunta at um-attend uli ng trainings at seminars."**

"Mukha nga," sinserong sabi ko. **"At masaya ako para sa 'yo, totoo. Kasi ngayon ay nakikita kong kaya mo nang lumayo sa 'kin. Kahit papaano."**

Kumunot ang noo niya, bahagyang nakaawang ang labi. **"Hindi naman ako lalayo sa 'yo, Taguro. Kailangan ko lang talagang gawin 'to."**

"Naiintindihan ko naman 'yon, maniwala ka sa 'kin," sinsero ang naging pagngiti ko. **"'Wag mong masamain 'yong sinabi ko. Masaya talaga ako para sa 'yo."** Lumapit ako at humalik sa kaniyang pisngi. **"Kailangan ko nang pumasok. Kahapon kasi ay late ako kaya hindi na ako pwedeng ma-late ngayon. I-text mo na lang ako kapag pwede, sasagot ako."** Kumaway ako at nagpaumunang maglakad papasok.

Doon nawala ang ngiti sa labi ko. Ramdam ko ang tamlay ng mga pisngi at mata ko. Nalulungkot ako at matinding takot ang naramdaman ko.

Kaya mo nang magdesisyon ngayon na lumayo sa 'kin. Kaya mo na ring maglakas-loob na umiwas sa 'kin. Umiiral ang pagigising selfish ko, Sensui. Natatakot ako na baka sa paglayo mo ay masanay kang wala ako. Natatakot ako na baka mabaling sa iba ang atensyon mo sa kaiiwas at kalalayo sa 'kin. Natatakot ako na dumating 'yong panahon na kayanin mo nang mag-isa at iwan mo kong isang magandang alaala.

Naiinis ako sa sarili ko dahil alam kong tutol ako kahit naiintindihan ko namang gusto at para sa kaniya iyon.

Napakalungkot ng umagang 'yon. Tuloy ay hindi ko naramdaman ang paglapit ni Lovemir. Maging iyong paghinto ko sa harap ng room ay hindi ko namalayan.

Nakataas ang kilay ni Lovemir habang nakatitig sa 'kin. **"Are you okay? Bakit parang ang tamlay mo?"**

Sandali akong tahimik na tumingin sa kaniya. **"'Dami mo namang napapansin."**

"Maxpein," humabol siya nang talikuran ko. **"Kahapon ka pa, may problema ka ba?"**

"Wala," pinilit kong ngumiti 'tsaka hinanap si Naih. Kasalukuyan siyang nakikipagdaldalan sa mga bakla.

Dumating ang lecturer kaya wala nang nagawa pa si Lovemir kundi ang maupo na lang sa tabi ko at makinig sa klase.

Gaya kahapon ay naglayag ang isip ko. Inisip ko na naman ang mga sinabi ni Sensui.

Hindi naman siya titira ro'n, bakit ka nalulungkot?

Panay ang tanong sa isip ko dahil sa lungkot na nararamdaman. Siguro ay dahil naramdaman ko at umamin siyang iiwas sa 'kin. Kung hindi kasi ay magiging ayos lang naman sa 'kin na magpunta siya ro'n. Hindi ko kasi maiwasang isipin 'yong nakaraan na umalis siya para mag-training. Hindi ako nakatanggap maski isang text o tawag mula sa kanya.

Nagawa niyang tiisin 'yon. Paano pa ngayong alam ko nang umiiwas siya? Baka masyado siyang maging kampante nang hindi ako nakikita. Baka isang araw ay gumising na lang akong hindi na ako ang mahal niya. Hindi ko kayang isipin na hindi ako ang mahal mo, Sensui. 'Wag mong gagawin sa 'kin 'yon.

Hindi ko nagawang mag-focus sa mga klase. Wala ako sa sarili. Dumadaan ang oras na tulala lang ako at nakatingin sa white board. Maging ang mga quizzes at exercises ay hindi ko inintindi. Basta na lang ako nagbilog sa multiple choices sa work book. Bale-wala sa 'kin kung hindi ko maipasa ang mga 'yon, masyadong abala ang isip ko ngayon.

"Hey, let's go," mayamaya'y nangibabaw ang tinig ni Lovemir. **"What's bothering you, Maxpein?"**para pa siyang natatawa.

"Bakit?"

"Kanina ka pa wala sa sarili,"ngumisi siya. **"Parang napakalalim naman niyang iniisip mo? Pwede mo bang i-share 'yan? Baka-sakaling bumabaw,"** pilit niyang biro.

Hindi ko nakuhang tumawa. Sa halip ay sumabay ako sa mga kaibigan ko.

"Marunong ka bang mag-swimming?" tanong ni Lovemir na muling humabol sa 'kin. **"Can you teach me how to swim?"**

"Kaya nga tinawag na swimming class 'to, para matuto ang hindi marunong na gaya mo," kunot-noong tugon ko. Nagsisimula nang mag-init ang ulo ko dahil parating naaabala ang pag-iisip ko sa t'wing sisingit siya.

"Grabe naman," humalakhak siya. **"I can swim, too. Gusto lang kitang biruin, napakaseryoso mo mula pa kahapon. Kumusta 'yang mukha mo? May masakit ba? Nagpasa? Bukol?"**

"Wala."

"Mapapatawa rin kita,"nakangusong hamon niya saka ngingisi-ngising nagtuloy sa paglalakad.

Hindi na ako nagsalita pa. Naririnig ko ang tawanan ng mga kaibigan ko sa likuran namin ni Lovemir pero hindi ko sila magawang sabayan. Para pa rin akong nakalutang habang patuloy na naglalakad. Bumalik ang atensyon ko nang tumunog ang cellphone ko. Nakagat ko ang labi ko nang makitang si Sensui ang nag-text.

One Message Received

From: Sensui

Iyong makita kitang naglalakad papalayo sa 'kin ay makakaya ko pa. Pero iyong maglakad ka papalayo na may kasabay na iba? Masakit na. 10:09AM

Natigilan ako sa paglalakad at agad na iginala ang paningin. Natanaw ko si Sensui sa ilalim ng umbrella kung saan meron kaming alaala. Kumunot ang noo ko nang makita kung gaano kaganda ang ngiti niya sa 'kin. Pero animong piniga ang puso ko nang mabasa ang lungkot sa mga mata niya. Pinilit niyang ngumiti pa nang todo saka ibinulong sa hangin ang mga katagang *"I love you"*.

Naramdaman ko ang paglapit ni Lovemir pero ang sinabi niya ay parang umugong lang sa pandinig ko. Nakatingin si Lovemir sa akin pero nanatili kay Sensui ang paningin ko. Ibinaling ni Sensui kay Lovemir ang paningin. Sandaling nagpalitan ang paningin niya sa 'min, saka muling ngumiti sa akin. Nagbaba siya ng tingin bago nakapamulsang tumalikod sa 'min at naglakad papalayo. Doon lang bumalik sa normal ang pandinig ko.

"Baka ma-late tayo," dinig kong malinaw na sabi ni Lovemir.

Hindi ko maintindihan ang pakiramdam. Nag-iinit na naman ang mga mata ko. At dahil sa takot kong makita iyon ni Lovemir ay umiwas ako at naglakad papalayo. Nag-angat ako ng tingin upang mapigilan ang nagbabadyang pagtulo ng luha ko.

Hindi ko alam kung bakit kailangang maging emosyonal ng araw na iyon para sa 'kin. Naninibago ako sa pinagdaraanan ng relasyon namin. Naging mas malalim iyon at hindi ako pamilyar sa pakiramdam. Hindi iyon tulad ng lungkot noon dahil magkasama kami ngayon. Maging ang sakit ay kakaiba rin dahil hindi naman kami magkaaway.

Bakit ganito ang pakiramdam, Sensui? Hindi ko maintindihan.

Sa Segunda Hall ang pool area at nasa labas iyon ng school. Kailangang lumabas sa tertiary campus at dumaan sa parking lot bago makarating don. Isa iyong malaking hall na halos para na ring resort. Ang buong lugar kasi ay itinayo para talaga sa swimming class. May information desk sa bungad ng hall. Maganda ang lugar at iyon ang unang beses kong makarating doon. Iginala ko ang paningin sa buong hall habang nagbibilang ang lecturer ng estudyante at ipinapaliwanag ang rules and regulation sa klase. May billiard table sa dulo ng information desk, apat na mesa iyon. May service area rin sa tabi no'n. May malaki at mahabang rest room naman sa kaharap. Ang tiles ay parang ganoon talaga sa mga mamahaling resort maging ang

paligid. May matatanaw na dalawang hilera ng nipa hut at nagkalat din ang mga puno na siyang nagbibigay aliwalas sa lugar.

Naglakad kami papasok at doon ko nakita ang olympic-sized pool na pinalilibutan ng bermuda grass.

Pinagpalit na muna kami ng swim suit. Bago muling tinipon ng lecturer para i-check isa-isa kung tama ba ang suot ng lahat. Noon ko lang din nalaman na mahigit dalawang oras pala ang klaseng iyon at may exam agad pagkatapos.

"Bakit hindi ka nag-swim suit?"nagulat ako nang pagkalabas sa rest room ay nakaabang pala si Lovemir. Ngumiti siya nang todo na halos hindi ko na makita ang mga mata niya.

"Anong ginagawa mo diyan?"

"I was waiting for you."

"Tss."

"Bakit nga hindi ka nag-swim suit?"

"Swim suit din ang tawag dito."Tiningnan ko ang suot na rash guard.

"Oo nga."

"'Wag ka nang maghanap ng iba."

"Hindi naman," ngumisi siya. **"Dahil may nakita na."** Lumabi siya saka ako tinalikuran.

"Kailangan ninyong matutunan ngayon ang iba't ibang uri ng paglangoy. At bago matapos ang klaseng ito ay kailangang mag-perform ang bawat isa para mabigyan ko ng kaukulang puntos,"ani Sir Camerino. Na-excite ako. **"Magsisimula tayo sa stretching."**Pumuwesto agad ito sa harapan.

Sandaling nawala sa isip ko si Sensui nang ituon ko ang buong atensyon. Mabilis na nagsimula ang klase matapos ang stretching. Kasama ko sina Naih at Michiko sa linya. Nasa likuran naman sina BJ, Migz at Lovemir.

Diving ang unang itinuro at sumunod ay tinatawag na gliding. Hindi nagtagal ay pare-pareho na kaming marunong bagaman hindi iyon kasimperpekto nang sa nagtuturo. Karamihan din ay agad na natutunan ang freestyle at backstroke. At gaya nang sinabi ng lec ay nagsimula ang exam makalipas ang isang oras.

Ang exam ay hindi gaya nang inaasahan ng karamihan. Hindi man iyon gano'n kadali ay nagmukhang exciting dahil para lang iyong laro. Hinati kami sa apat na grupo pero ang bawat isa ay hindi magkakakampi kundi

magkakakalaban. Kasama ko sa grupo si Migz. At kamalas-malasan para sa akin na panay lalaki ang nasa grupong iyon. Sila kasi ang makakalaban ko.

Idinemonstrate ng lec ang mechanics ng exam. Pinituhan siya ng isa sa mga kaklase namin, bilang signal, saka nag-dive ang lec sa tubig. Nag-glide siya 'tsaka nagsimulang mag-freestyle. Nang makarating sa kabilang dulo ng pool ay nag-tumble sa ilalim ng tubig'tsaka nag-backstroke. Nang makabalik ay 'tsaka niya tinapik ang paa ng kakampi. Nang maintindihan iyon ng lahat ay 'tsaka kami nagsimula.

Nauna ang grupo na kinabibilangan nina Michiko at BJ. Hindi namin naitago ang tuwa habang pinapanood silang magkarera sa tubig. Napakabilis pala kasing lumangoy ni Michiko, siya ang nangunguna sa grupo nila. Agad niyang natapik ang kamay ni BJ nang makabalik na agad ding tumalon. Hindi namin inaasahang mabilis din si BJ. Nagsimulang maghiyawan sa panonood ang ilan sa mga kaklase namin.

"Punyetang bakla, may lahi kasing palaka kaya ang galing lumangoy, eh," pabulong na singhal ni Migz dahilan para matawa kami nina Naih at Lovemir.

"You can also do that," binuhay ni Lovemir ang lakas ng loob ni Migz.

"Oo naman. Dahil kung palaka ang kaibigan ko ay magandang sirena ako. Pero handa akong magparaya kung ikaw ang kalaban."

"Hahaha. You're funny."

"Oo, punyeta, 'yan lang naman ang papel ko sa inyo, eh!" lalo kaming nagtawanan dahil sa mga sinabi ni Migz.

Nagmadali silang lumapit sa pool nang mapansing turn na nila. Magkalaban sina Lovemir at Migz. Hindi ko inaasahang sabay lang sila ng bilis. Pareho silang nangunguna sa grupong iyon. Kaya bago pa makabalik ay pumuwesto na ako. Ako ang kapalitan ni Lovemir.

Mukhang ang grupo nina BJ at Michiko ang nangunguna sa exam. Ikalawa ang team nina Migz at ikatlo naman ang sa 'min nina Lovemir.

Palibhasa ay ako ang huling lalangoy. Kailangan kong kunin ang banderitas sa ibabaw ng gutter sa kabilang dulo at dalhin iyon sa pwesto namin. Bahagya na akong yumuko habang inaabangan ang paglapit ni Lovemir. Pinanood ko siya at nasaksihan kung gaano siya kagaling sa paglangoy. Owede na siyang mapagkamalang Olympic swimmer. Matapos akong tapikin ay agad siyang gumilid para mabigyang daan ang pagtalon ko.

Hindi ko pinansin ang mga kalaban at sa halip ay lumangoy lang ako nang lumangoy. Pakiramdam ko ay kayhaba-haba nang kailangan kong languyin. Galit kong hinawi ang mga tubig, maging ang pagpag ng mga paa ko ay puwersado. Hindi ko maipaliwanag kung bakit naaninag ko ang mukha nina Sensui at Eerah Anitha na nasa dulo ng tubig. Hindi ko malaman kung bakit ang pumasok sa isip ko ay minamadali ako ni Sensui para makuha siya sa babaeng iyon. Dahil sa nakakabaliw na isiping iyon ay mas binilisan ko pa ang paglangoy. Nang marating ko ang dulo ay agad kong kinuha ang banderitas. Saka ako mabilis nag-tumble sa ilalim ng tubig bilang paghahanda sa backstroke.

Nagtuloy-tuloy ako sa pagba-backstroke hanggang sa hindi ko mamalayang narating ko na pala ang dulo. Nagulat na lang ako nang may mga braso na humuli sa baywang ko at sapilitan akong itinayo sa tubig. Ngunit nanatiling nakayakap iyon sa akin na siyang nakapagpapakabog sa dibdib ko. Dali-dali kong inalis ang goggles at nose plug. Habol ko ang hininga habang inaaninag ang nakangiting si Lovemir.

"Ano ka ba?" inis kong tinapik ang braso niya saka ako kumalas. Ngunit bigla akong lumubog. Hindi gaya kanina ay wala akong matapakang tiles.

"Hey! Hey!" natatawa si Lovemir nang iangat ako. Napakapit akong bigla sa gutter, nalilito. **"Ang galing mo! 'Muntik na tayong manalo!"**

"Tss." Hindi ko magawang magsalita dahil hinahapo ako.

"Seriously, you're a good swimmer."

"Pero hindi mo kailangang gawin 'yon."

"Ang alin?"

Lumapit siya sa 'kin. Napasandal ako sa gutter kung saan ay bigla niya akong kinorner. Nanlaki ang mga mata ko at agad na nangunot ang noo, batid kong gano'n kasama ang tingin ko sa kaniya.

"Ang yumakap sa 'yo? Ginawa ko 'yon hindi para mambastos kundi para hindi ka mabangga sa wall, Maxpein."

"Ano?" hindi ko siya maintindihan.

"Wala ka na naman sa sarili mo. Gusto mo bang malunod?"

"Hindi ako malulunod dahil tama ang ginagawa ko," pasinghal kong sabi.

"Kaya pala?" nakangisi at mayabang na sabi niya, lalong kumunot ang noo ko. **"Tingnan mo kung nasaan ka,"** itinuro niya ang kanan niya.

Napatingin ako doon at agad na natigilan, nagulat ako nang makitang nasa kanto kami ng pool.

Anong nangyari?

Natinag ako sa malakas na pagtawa ni Lovemir. **"Grabe, ang galing mo! Deretsong-deretso, oh?"** pang-aasar niya kasabay nang malakas na tawa. **"Gano'n ka ba talagang lumangoy? Lumiliko?"**

Kumunot ang noo ko, marahil dahil sa backstroke ay hindi ko namalayang lumilihis na pala ako sa linya.

"Tss. Alis nga diyan."

Itinulak ko siya pero muli na naman akong lumubog. Gano'n kalalim ang kinaroroonan namin. Habol ko na naman ang hininga nang makaahon.

"Ten feet 'to," tumatawang ani Lovemir saka hinawakan ang kamay ko.

"Bitiwan mo nga ako," lumayo ako.

"Ang arte nito, lunurin kita diyan, eh," biglang sabi niya na siyang ikinagulat ko. Pinandilatan ko siya ng mga mata. Tumawa siya nang malakas saka hinila ang kamay ko. Nang mailayo niya ako sa gutter ay saka siya lumayo sa akin.

"Woi!" sigaw ko nang maramdamang lulubog na naman ako. Agad kong ikinawag ang mga paa sa ilalim ng tubig.

Tumatawang lumapit si Lovemir at hinawakan ako sa kamay. **"Biro lang, let's go."** Tinulungan niya akong makabalik sa mababaw 'tsaka ako bumitiw sa kaniya. **"Kinabahan ka? Akala mo iiwanan kita?"**

Natigilan ako at lumingon sa kaniya. Sandali siyang nagtaka sa reaksyon ko. Nabawasan ang ngiti niya. Pero hindi ko nagawang magsalita at sa halip ay lumangoy na lang ako para makalayo nang tuluyan.

Hindi ko maintindihan kung bakit may kakaiba akong nararamdaman sa mga ikinikilos ni Lovemir. At nililito na ako nang unti-unti niyon.

Ano ang nangyayari, Maxpein?

Hindi ko na maramdaman sa kaniya ang dating pakiramdam. Kung saan ang bawat kilos niya ay minamasama ko at binibigyan ng ibang kahulugan. Dahil sa pang-intindi ko, ang bawat galaw niya ay parte ng plano nila. Noon, pakiramdam ko ang lahat ng ginagawa niya ay para makakuha ng impormasyon. Para makuha rin ang loob ko at maging madali ang mapalapit sa mga Enrile, gaya ng ginagawa ko sa kanila ngayon. Ang pakiramdam kong iyon noon ay parang biglang nawala ngayon. Nagtatanong ngayon ang sarili ko kung nagkamali ba ako ng pakiramdam at masyado kong minasama ang mga kilos niya?

Hindi kaya ganito lang talaga siya? Hindi kaya napapraning lang ako?

Ang dahilan kung bakit hindi ko naisip ang naisip ni Naih, na baka attracted si Lovemir sa akin, dahil alam kong tulad ko ay may kailangan lang din siya sa akin. Kaya niya pilit na inilalapit ang sarili ay dahil doon. Ngayon ay parang nagdadalawang-isip na ako. Nalilito ako. Pakiramdam ko ay inosente siya sa kabila nang paghihinala ko. Nakikita ko na ang kabaitan niya hindi gaya no'ng una ko siyang makilala. Kung saan malayo ang loob niya hindi lang sa 'kin kundi sa aming lahat na nakakasama niya.

In-announce ang may pinakamataas na puntos sa exam, ang team nina Migz at Naih. Sumunod ay ang team namin. Hindi ko na naman magawang makinig dahil ang atensyon ko ay nakamasid na kay Lovemir. May kung ano na namang nabubuo sa isip ko at nililito ako masyado no'n.

Nabanggit niya noon na kaya siya nandito ay para sundan ang asawa niya. Hindi kaya nagsasabi siya nang totoo at nagkamali lang ako nang isiping pinagtatakpan niya lang an tunay niyang pakay?

May tiwala ako sa pakiramdam ko. Bihira akong malito at mas lalo na ang magkamali. Pero matindi talagang pagkalito ang nararamdaman ko ngayon kay Lovemir.

Ano ang papel mo dito, Lovemir? Ano ang kailangan ninyong mag-asawa sa amin? Totoo ba ang ipinapakita mo o palabas lang?

Noon nabuhay ang interes kong mas alamin pa ang totoong katauhan ni Lovemir. Maging ang pamilya ng mga Rewis. Pero ngayon palang ay mukhang mahihirapan na ako. Mahirap kasing i-distinguish kung ano ang kahulugan ng ipinapakita niya. Nakakalito nang basahin ang mga ikinikilos niya. Hindi ko malaman kung iyon ay totoo, palabas o attraction gaya nang sinasabi ni Naih. Nalilito ako sa tatlo.

Dumaan ang araw ng Sabado at dumating ang araw ng Linggo. Maaga pa lang ay nagising na ako sa ring ng cellphone. Akala ko ay namamalik-mata ako nang makitang si Lovemir ang caller.

"Hello?" naisatinig ko ang pagtataka.

"Naabala ko yata ang tulog mo?"

"Bakit ka tumawag?"

"'Wag mong kalimutan 'yong party mamaya."

"Tss. Ganitong kaaga ba dapat na ipinapaalala 'yan?"

"Baka kasi hindi ka pumunta. Alam mo namang hindi ako pupunta kung wala ka, 'di ba?"

"Ano?" kunot na kunot talaga ang noo ko. 'Tsaka ko naalala ang naging usapan nila ni Eerah Anitha sa harapan ko. **"Sige, darating ako."**

"Hindi ka sasabay sa boyfriend mo?"

"Ang totoo ay hindi pa namin napag-uusapan 'yan. Pero pwede ko naman siyang tawagan para tanungin. Magkita na lang tayo doon."

"Good idea. Importanteng tao kasi sa 'kin iyong may party. Gusto ko ring pumunta kaya...sana ay pumunta ka talaga."

"Pero 'wag mo asahang sa 'yo ako sasama. Kasama ko si Deib Lohr."

Tumawa siya. **"Of course! Hindi ko naman inaasahang date kita. I just want you to be there. 'Yong makikita kita kahit sa malayo lang."**

Kumunot lalo ang noo ko. **"Bakit?"**

"Mm, secret."

Tumaas ang kilay ko, gano'n sa parehong paraan nang pagtaas ng kilay niya. **"Ano 'to, usapang bata? Tss. Sige na, magkita na lang tayo ro'n mamaya."**

"Usapang kaibigan 'to, okay?"tumatawang sabi niya.

"Okay."

"I'll see you later, then. Bye," aniya na ibinaba agad ang linya.

Kaibigan. May kung anong kaginhawahang hatid 'yon sa dibdib ko. Pero hindi ko pa rin maintindihan kung bakit nakadepende sa 'kin ang pagdalo niya.

Bumangon ako at tuluyang naligo. Walang tao maliban sa 'kin nang bumaba ako. Sandali akong nag-agahan 'tsaka dumeretso sa practice area. Hindi na ako nagtaka nang makitang nando'n sina Maxrill at Yaz.

"'Aga niyan, ah?" nakangiting sita ko. Mukhang tinuturuan ni Yaz gumamit ng espada si Maxrill. **"How are you, *dongsaeng*?"** Ngumuso naman agad si Maxrill. **"You need a doctor?"** biro ko.

"*Naga*!" pagpapalabas niya sa 'kin.

"What do you want?" hindi ko mapigilang ngumiti.

"*Nagarago*!" pilit niyang pagpapalabas sa 'kin. Natawa na lang ako.

"Isa tayo, Max?" hamon ni Yaz, nginisihan ko siya. **"Isang round lang."**

"Sure," nakangising tugon ko.

"Kumain ka na ba?" nagtawanan kami.

Magaling sa espada si Yaz, may kakaibang galing siya ro'n na para bang sa kaniya ko lang nakita. Bagaman hindi iyong sinanay sa pakikipagbuno,

ang galing niya ay purong talento.

"Baka mabigla ka at himatayin na lang diyan?" aniya na sa hindi inaasahan ay biglang sumugod.

Nangunot ang noo ko 'tsaka ako natawa. Itinulak ko si Maxrill paikot at mula ro'n ay hinugot ko ang espada sa kahang hawak niya. Napapamaang akong pinanood ng kapatid ko, nakangiwi akong umiling. Nakaamba na iyon kay Yaz bago pa man siya makalapit sa 'kin.

"Nice one, Maxpein," mayabang na aniya.

"Sisiw," mas mayabang kong tugon, ang bakanteng kamay ay nasa likod.

"I'm done preparing, I'm going to attack you now!" dere-deretso at mabilis na aniya habang sumusugod.

Mabilis kong iniiwas ang katawan papalayo sa kaniya. Doon nagsimulang magtama ang parehong espada na gamit namin. Hindi hamak na mas matibay ang espadang hawak niya kompara sa pinaglumaan nang gamit ko. Kakaiba ang tunog at kinang niyong kanya habang marupok naman na ang blade nitong hawak ko.

Isang bagay kung bakit nagustuhan at mas lalo kong nagugustuhan ang paggamit ng espada ay nakikita ko ang bawat kilos ng kalaban. Ang mga espada ang tanging nagbabanggaan habang ang mga mata ko ay libre, kahit na pasimple, na makita ang mga plano niyang galaw. Hindi gaya kapag mano-manong kamay ang gamit sa pakikipagbakbakan, susuntok ka palang ay pwede ka nang salubungin ng dagok.

"Ah!" napasinghal siya nang mapalakas ang paghagupit ko. **"Mukhang ganado ka."**

"Kompleto ang tulog ko," halos pasigaw kong sabi saka sumugod.

Nagdere-deretso at walang hinto ang pagsangga niya sa tuloy-tuloy kong pag-atake. At dahil sa sobrang lakas ng pwersa ko ay wala siyang nagawa kundi ang mapaatras nang mapaatras.

"I didn't expect this, Maxpein! You're impressing me," sigaw niya sabay upo kung saan sinubukan niya akong patirin gamit ang buong binti. Napatalon ako patalikod at pagbagsak ko ay ginaya ko ang ginawa niya. Ngunit dahil saulo na ni Yaz ang pagkilos kong iyon ay nagawa niyang makaiwas.

Hindi mawala ang parehong ngiti sa mga labi namin habang naglalaban. Laro lang ito para sa 'ming pareho. Pero paniguradong aatakihin sa puso ang mommy niya oras na makita kaming nagpa-practice nang ganito.

"Move!" sigaw niya na umikot.

At doon ay nagawa pa rin niyang sanggain ang pag-atake ko. Kaliwa't kanan ang hampas ko pero nagawa niyang iwasan at sanggaing pareho habang nananatiling nakatalikod. At sa pag-atras niya ay dumako siya sa puwesto kung saan nakalagay ang iba pang espada. Sa pagharap niya ay dalawang espada na ang hawak niya. Nakangisi siyang tumitig sa 'kin na para bang nang-aasar.

"Are you ready for this? You haven't tried fighting to a lady with two swords, right? Now, I dare you,"hamon niya 'tsaka biglang sumugod.

Itinutok ko sa sahig ang talim ng mga espada. At sa paglapit niya ay agad ko iyong isinangga sa kaliwang espada niya 'tsaka ako bumaling sa kanan habang patuloy sa pagsangga. Dere-deretso, walang habas, walang takot at walang alinlangan ang pag-atakeng ginagawa ni Yaz. Na maswerte kong nakikita at nagagawan ng paraan. Umatake sa ilalim ko ang kanan niyang espada. Pero kasabay ng pagtalon ko ay ang pag-atake ko sa tiyan niya dahilan upang mapaatras siya. Sa muling pagsugod niya kung saan parehong nasa likuran ang kaniyang espada, nagawa kong ipwesto nang tama ang mga kamay ko. Nakakangalay nang ang practice na 'yon pero talagang nalilibang ako.

Iniangat niya sa ere ang parehong espada nang ikutin ko ang hawak para magkasunod na sanggain iyon.

"Excellent!" papuri niya.

Ngunit hindi ko na iyon nagawang pakinggan dahil abala ang mga mata at pandinig ko sa panonood at pakikiramdam sa susunod na kilos niya.

Nangungunang umabante pasugod sa akin ang kanang paa niya. Habang ang dalawang kamay niya ay panay ang pag-atake na kinailangan kong sanggain. Wala akong nagawa kundi ang umatras nang umatras, nag-iisip ng posibleng lusot para maisahan ko siya. Nang maka-timing ay buong pwersa kong hinampas ang espada niya. Ngunit nagawa niyang basahin ang kilos ko. Sa hindi inaasahan ay nagkrus ang parehong kamay niya para sanggain ang atake ko. Ngunit lingid sa kaalaman niya ang susunod kong pagkilos. Dahil pagbaling ko sa likuran ay dinaya ko ang pag-ikot. Pumihit sa kanan, na siyang kaniyang binabantayan, saka ako pumihit papunta sa kaliwa kung saan hindi handa ang kaliwang kamay niya sa pag-atake. Bumagsak ang isa pang espadang hawak niya. At nang mapunta doon ang atensyon niya ay saka ko binalingan ang isa pa. Ngunit naging alisto si Yaz dahilan para hindi ko iyon tagumpay na maatake. Natawa kami sa isa't isa 'tsaka ulit siya sumugod sa akin.

Umiling siya. **"Tsk, hindi mo naman kasi sinabi sa 'kin na seryoso ka pala,"** mayabang na aniya.

Mas binilisan niya ang pag-atake dahilan para sunod-sunod kong sanggain ang espada niya. At sa oras na ito ay gumagamit na siya ng kamay kaya wala akong choice kung hindi ang gumamit na rin. Hampas dito, sangga doon, maging ang mga paa namin ay hindi na mahinto sa pagkilos. May sandali pang napapaupo siya at mabilis ding nakakatayo. Hanggang sa huli ay umasta akong aatakihin siya mula sa itaas. Kung saan mabilis niyang ipinuwesto ang kamay bilang pagsangga. Ngunit mabilis akong naupo at pinatid siya sa paa. At doon ay itinutok ko ang espada sa leeg niya bilang senyales ng kaniyang pagkatalo.

Pinuno ng palakpak ni Maxrill ang katahimikan ng practice room. Tuwang-tuwa ang inosente at ignorante kong kapatid.

Kahanga-hanga ang galing ni Yaz sa espada. Pero ang isang katangian ko kung bakit nalulusutan ko siya ay ang taglay kong bilis. Bilis na hindi niya magawang habulin.

Pero nagkamali ako. Inipit niya ang espada gamit ang dalawang palad at iniikot iyon. Bumaliko ang kamay ko. Sa isang iglap ay nagkapalit kami ng pwesto. Ako na ang nakahiga habang siya ay nakatayo at tutok sa leeg ko ang espada.

"Hahaha! You lose!" aniya.

"You lost first," mayabang kong sabi. Muling pumalakpak si Maxrill.

Ipinasok niya sa kaha ang espada, tumayo ng deretso at saka tumango sa akin. 'Tsaka niya inilahad ang kamay para tulungan akong makatayo.

Muli kaming natinag sa sunod-sunod na palakpak. **"Nice show,"** ani Maxrill na agad kong pinagkunutan ng noo.

Paano kasi'y may nakaipit nang garapon sa braso niya at alam kong pagkain na naman ang laman no'n.

"Do you want popcorn?" alok pa niya.

Napakatakaw talaga. **"Kumain ka na, di ba?"** inis kong tanong.

"Yes. But I'm re-eating," biro niya 'tsaka inilapag ang garapong hawak. **"*Noona*, let's resume our class. I want to learn those moves,"** aniya na sumuntok-suntok pa sa ere.

"But I'm tired already,"nakangusong ani Yaz na siyang nakapagpasama sa mukha ni Maxrill.

Inis na bumaling sa akin si bunso. **"You took away my class!"** dinuro niya ako.

"Nanood ka sanang maigi para marami kang natutunan. Tuturuan kita next time," pangako ko. **"Hindi mo ba nakita 'yong mga moves ko? Ang astig ko, 'di ba?"**

"No!"

"Tawagin mo 'yong kuya mo, astig kalaban 'yon. Kaya ka niyang labanan habang nagbabasa ng libro,"inis kong sabi 'tsaka lumabas ng kwartong 'yon.

Napakagandang ehersisyo sa umaga. Gumanda ang mood ko.

Matapos mananghalian ay nagyaya si Naih sa TB. Gusto niya raw kasing kumustahin ang mga bakla. Gusto ko namang makausap si Heurt. Dahil wala pa masyadong customer ay ibinigay niya ang oras sa 'kin.

"Kumusta? Anong balita?"panimula ni Heurt.

Doon ko sinimulang ikwento ang mga napapansin at ikinalilito ko kay Lovemir. Lahat nang naramdaman ko kahapon ay ibinahagi ko nang hindi na nagpapaligoy pa lalo't may lakad ako sa gabi ring iyon.

"Medyo kataka-taka 'yang mga sinabi mo," aniya na siya rin namang ipinagtaka ko.

"Bakit?"

"Parang hindi lang ako makapaniwala na ganiyan ang trato sa iyo ng asawa ni Eerah Anitha,"aniya na pinakadiinan pa ang salitang "ganiyan". Lalong nangunot ang noo ko. **"Pero magandang senyales iyan. Nakuha mo nang ayos ang loob niya at mababa na ang tyansang paghinalaan ka."**

"Hindi ko naman iniisip na hindi niya ako pinaghihinalaan. Baka nga nagpapakiramdaman lang kami at nagtataguan." Ngumisi ako. **"Sabihin na lang nating pareho kaming magaling magtago,"** sabi ko. **"Makakasama ko ang mag-asawang iyon ngayong gabi sa party ng hindi ko naman kilalang tao."**

Nagtaka siya. **"Pero imbitado ka? Nasa plano ba iyan?"**

"Wala sa plano pero meron na 'kong plano. Sinasakyan ko lang naman ang lalaking 'yon. Umaasa akong isang araw may masasabi siya sa 'king impormasyon. Iyong makapagpapatunay na ang pamilya nga ng mga Rewis ang nasa likod ng mga pangyayaring ito."

"Mag-ingat ka, lalo at paniguradong kikilos na naman sila."

Kumunot ang noo ko. **"Bakit?"**

"Hindi naaprubahan ang ospital na balak nilang ipatayo. Ang lahat ng stockholders ay tumanggi. Inanunsyo ni Chairman Moon ang

kaniyang dahilan kung bakit imposibleng walang malalim na dahilan ang mga Rewis sa pagpapatayo nang libre at pampublikong ospital. At iyon ay sa gitna pa ng dalawang naglalakihan at pribadong ospital."

"Okay," bahagya pa ring nagtataka na tugon ko.

"Paniguradong nag-init na naman ang ulo ng Chairman Rewis na iyon. Dahil may ginawa na naman ang mga Moon. Hindi na ako magtataka kung bukas o sa makalawa ay may gawin na naman sila."

"'Wag lang silang mananakit."

"Sana nga," seryosong aniya na naging kakaiba naman ang dating sa 'kin. Bigla akong kinabahan na hindi ko maintindhan. Pero hindi ko na iyon pinansin.

Tumayo ako at ngumiti. **"I have to go, baka ma-late ako ro'n sa party na a-attend-an ko mamaya."**

"Galingan mo," aniya na kumindat pa.

Kaswal kaming naghiwalay. Nasa isip ko pa rin ang mga sinabi ni Heurt habang papauwi ni Naih. Nawala lang ang isiping iyon nang makita ko nang tumawag si Lovemir.

Sisiguraduhin na naman ba niyang sasama ako? Tss. **"Oh?"**

"Are you ready?"

Excited? **"Kauuwi ko lang, eh, magre-ready palang."**

"I see, it's gonna be late. But it's okay. Anyway, can I pick you up?"

"No," inis kong tanggi. **"'Tsaka hindi ko pa nakakausap si Sensui."**

"Nakausap ko na si Eerah Anitha at sinabi niya sa 'kin na sabay raw silang pupunta ro'n."

Lalong nangunot ang noo ko. *Sabay sila? At hindi niya man lang sinabi sa 'kin? Hindi niya man lang nga ako itinext o tinawagan.* **"Gano'n ba? Bakit daw?"** hindi ako nagpakita ng interes. **"Bakit daw sila sabay?"**

"I am not sure but I guess since our friend knows that we're no longer together—"

"What the hell?" inis kong pigil sa sinasabi niya nang sa tingin ko ay nakuha ko na ang punto niya. **"'Wag mo sabihin sa 'kin na ipapakita ninyo sa kaibigan ninyo na ako na ang partner mo at si Deib Lohr na ang partner niya?"** hindi ko naitago ang inis.

"Wait, what? I was about to say—"

"Hindi na! Hindi na ako sasama!"

"Hey! Wait! Listen! Sasabihin ko sa kaibigan namin na kayong dalawa ang gumagawa ng way para maging okay kaming pareho ni

Eerah. Come on, Maxpein? Please?"

Ibinulong ko paulit ang sinabi niya. *What the...* **"Hindi! Ayoko!"**

"Maxpein, please," seryosong pakiusap niya.

Umiling ako. **"Hindi ko maintindihan kung bakit, eh. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang mapasok kami diyan sa sitwasyong ganiyan. Eh, ano namang pake namin sa inyo?"**

"Maxpein?"

Bumuntong-hininga ako. Hindi ko talaga maintindihan kung bakit kailangang mangyari nito.

Hindi kami obligadong um-attend sa party ng taong hindi naman namin kilala. Bakit ba ganito na lang kung mamilit siya? Tss! Tapos 'yong Sensui naman na 'yon ay payag na payag? King inang 'yan!

Gusto kong magmaktol sa sobrang inis. Gusto kong ibaba ang linya ni Lovemir para tawagan at komprontahin si Sensui. Pero naisip kong baka kasalukuyan na iyong papunta kasama si Eerah.

"Tatawagan ko muna si Sensui—"

"He's with Eerah Anitha already."

Napamaang ako. **"Gano'n kabilis?"**

"The party will start at 7:00 in the evening, Maxpein."

Tumingin ako sa orasan at alas siete na nga. **"Okay. Kikilos na ako."**

"Okay, I'll be there in fifteen minutes."

"Bye." Awtomatiko kong ibinaba ang linya.

Dali-dali akong kumilos. Syempre, 'ayun na naman si Yaz para tulungan akong mamili ng isusuot at mag-ayos ng sarili. Dahil despedida lang naman iyon at hindi ko pa kilala ang may party, pumayag si Yaz na mag-pants na lang ako. Pero hindi iyon basta-bastang pants, leather iyon na itim at hapit na hapit sa katawan. Ipinahiram niya sa 'kin ang leather niya ring boots at saka niya ako pinagsuot ng plain white shirt. Hinayaan niyang nakalugay ang buhok ko na bahagya niyang ikinulot na bumagay talaga sa 'kin.

Iyon na iyon ang style na gusto ko para sa akin. Iyong hindi ako babaeng-babae pero hindi naman ako mukhang lalaki. Iyong komportable ako kahit na anong oras. Iyong masasabi kong ako at makikilala ako bilang ako.

"Thanks," sabi ko kay Yaz pagkababa namin. **"Ikaw na lang ang magsabi sa kanila kung saan ako pumunta,"** habilin ko.

Umalis ang pamilya ko at silang magkapatid lang pati si Maxrill ang naiwan dito.

"Sure," nakangiting aniya. **"You look confident."**

"I am," mayabang kong sagot.

Pareho kaming natinag nang marinig namin ang dalawang magkasunod na busina mula sa labas. Sabay kaming napalingon sa bintana at sa sandali ring iyon ay nawala ang ngiti sa labi ko.

Si Lovemir ba 'yan? **"Sandali, titingnan ko."** Lumapit ako sa bintana at sumilip.

Nakilala ko ang kotseng iyon ni Lovemir. Kasabay niyon ay tumunog ang cellphone ko, siya ang tumatawag doon. Sinagot ko iyon nang matalas ang pagkakatitig sa kotse ni Lovemir. Hindi ako nagsalita, hinayaan ko siyang magsalita.

"I'm in front of your house," aniya sa masaya na tono.

"Yeah, I can see your car."

"Are you ready? Let's go. The party is about to start," kaswal na aniya.

"I'm on my way out," pormal kong sagot 'tsaka ibinaba ang linya.

Hindi agad ako lumabas, sandali ko pang tinananaw ang kotse niya.

"Si Deib?" tanong ni Yaz.

"Hindi."

"Eh, sino?" tanong niya na lumapit sa 'kin.

"Kaklase ko." Hindi ako pwedeng magpahalata kay Yaz kaya ngumiti ako pagkaharap sa kaniya. **"Maiwan ko na muna kayo, i-lock mo ang lahat ng pinto pagkaalis ko. Tumawag ka sa 'kin kapag may naramdaman kang kakaiba,"** nakangiti kong sinabi.

"Tinatakot mo naman ako niyan, eh!"

"Papauwi na sila, 'wag kang mag-alala," kinindatan ko pa siya, pilit na biro. **"Dederetso dito si Heurt, usapan namin 'yon."** Tumingin ako sa relos ko. **"Darating siya may lima hanggang sampung minuto pagkaalis ko,"**mahina kong sabi 'tsaka yumakap sa kaniya. **"See you later,"** paalam ko 'tsaka lumabas.

Doon ko isinabog ang naipong hindi maipaliwanag na galit sa dibdib.

Hindi ko itinuro sa iyo ang bahay ko pero napuntahan mo. Mahusay, Lovemir.

OceanofPDF.com

CHAPTER 201 : THE UNEXPECTED 2

THE UNEXPECTED

RANDALL'S POV

"Honey?" nagising ako sa malambing na tinig ni Dein. **"Hon, wake up. May duty ka pa."**

Umikot ako sa kama bago nag-angat ng tingin. **"What time is it?"**

"Ten minutes before noon, sige na, kumilos ka na," nakangiting aniya.**"I'll prepare our lunch."** Pinanood ko siyang bumaba sa kama at maglakad papunta sa pinto. **"Kumilos ka na, Randall Echavez!"**

"Bakit ang ganda mo ngayon, Mrs. Echavez?" nanliliit ang mga matang tanong ko.

Namaywang siya. **"May oras na bang nakita mo 'kong pangit?"** inis kunyari niyang tanong.

Ngumiwi ako. **"No'ng buntis ka?"**

"Randall!"

"I was just kidding, hon."

"Maligo ka na!"

"Wala ba akong breakfast in bed?"

"Tanghali na!"

"How about lunch in bed?"

"Napakapilyo mo! Ang aga-aga, ah!" natatawa niyang sabi.

"Isa lang," sabi ko na isinenyas pa ang hintuturo. **"Isang masarap lang!"**

"Randall?"

"What?" natatawa kong sabi.

"Ang landi-landi mo! Kumilos ka na diyan, ah?" napapailing niyang sabi 'tsaka tuluyang lumabas ng kwartong 'yon.

"Hon!"

"What?" pasigaw niyang tugon.

"Sige na! Dali! Habang nakaano pa siya!"

"Ano?"

"Please? Come here!"

Muli siyang dumungaw sa pinto. **"No."**

"Honey...isa lang. Habang tulog si RD."

"Gising si RD, kasama si yaya."

"Hindi naman 'yon pababayaan ni yaya, asikasuhin mo muna ako."

Natawa siya lalo. **"Ang laki-laki mo na, aasikasuhin pa kita? No. Kumilos ka na diyan. Get ready or you will be late!"** iniwan niya na naman ako.

Inis akong bumangon. *Hindi man lang alisin ang pagod ko. Tsk.* Agad akong naligo. Hindi mawala sa isip ko kung gaano ka-sexy si Dein ngayong umaga. Napakaikli ng shorts niya at hapit na hapit ang puting sando na suot. Hindi ko naiwasang mapangiti habang ibinababad ang sarili sa shower. *Masyadong malamig ang tubig, siya lang ang makapagpapainit.* Natawa ako sa sariling naisip.

"Honey!" malakas kong sigaw. **"Honey!"**

"Ano?" nagmamadali niyang sigaw. **"Are you okay, hon?"**

"Hon!"

"Oh?" dumungaw siya sa pinto ng washroom namin sa kwarto.

"Pakiabot 'yong towel ko."

"'Ayan ang mga bagong towel, ah?" itinuro niya 'yong mga nasa ibabaw ng cabinet.

"Isang beses ko palang nagamit 'yong isa," giit ko ko habang nakadungaw rin sa blurry glass door ng shower.

Inis siyang kumilos at nakasimangot nang iabot 'yon sa 'kin. Hindi niya na nagawang makapagsalita nang bigla ko siyang hilahin papasok sa shower.

"Got ya!" mahina kong sabi.

"Oh, my god!" pinalo-palo niya ang balikat ko. **"Randall, ano ba? Nababasa ako!"**

"Natural 'yan sa umpisa, hon, mas mababasa ka pa," pabulong kong sabi 'tsaka siya hinalikan.

Sa simula ay nagpumiglas siya, lalo na nang itutok ko siya mismo sa shower head. Natahimik lang siya nang isandal ko sa clear glass panel at doon paulanan ng halik. Lalo akong napangiti nang maramdaman ang kaniyang dibdib, walang tabing bukod sa sando na suot niya. Dumapo ang kamay ko doon 'tsaka bumaba ang halik ko.

"Kapag...na-late ka, bahala...ka sa buhay...mo," pahina nang pahina niyang anas, lalo akong napangiti.

"Hindi naman ako magtatagal," mahina kong sagot 'tsaka tuluyang hinubad ang suot niya.

"Napakaharot mo," natatawang sabi niya.

"Dati na," dumila ako at saka muling hinalikan ang labi niya.

Muling bumaba ang halik ko papunta sa leeg niya, paibaba sa dibdib hanggang sa makarating sa mismong parte kung saan lumabas si RD. Paulit-ulit ko siyang hinalikan doon. Hanggang sa hindi niya na malaman kung saan kakapit dahil sa mainit na dulot niyon sa kaniyang pakiramdam. Wala na rin tuloy siyang nagawa kundi ang maligo nang matapos kami.

Ngingisi-ngisi akong nagbihis habang pinapanood siyang tuyuin ang sarili. **"Mamaya ulit, ah?"** pilyo kong sabi.

"Ano?" mataray niyang sabi. **"Napakasutil niyang isip mo, kahit kailan! Pagod ka mamaya...bukas na lang!"**

Sabay kaming natawa. **"Please, help me on this one,"** paglalambing ko saka isinuot ang polo.

Ibinalot niya ang towel sa sarili at saka lumapit sa 'kin. Siya ang nagsuot ng butones ko.

"What's that on your leg?" kunyaring tanong ko.

Ipinatong niya ang paa sa small stool chair dahilan upang lumantad ang kaniyang hita. Saka hinanap kung alin ang itinuturo ko. Pinagapang ko ang kamay saka nagpanggap na itituro iyon. Ngunit napapitlag siya nang bigla kong hawakan ang maselang parte niya.

"Randall!" muli ay hinampas niya ang balikat ko.

"Bakit ba ako nang ako ang pinagagalitan mo, eh, itong kamay ko ang malikot?" natatawa kong sabi.

"Kahit kailan ka!"

"May sarili siyang isip, hon."

"Psh! Male-late ka na, oh!"

"Maaga pa nga, eh. Ginising mo yata talaga ako nang maaga kasi alam mong ganito ang mangyayari?" sabi ko na muling pinagapang ang kamay ko pababa habang siya ay patuloy na ibinubutones ang polo ko.

Nakagat niya ang labi sa pagpipigil. Nangunot ang kaniyang noo sa pagtanggi. Pero ang pakiramdam ng kamay ko ay may nakababaliw na epekto.

"'Ayan, tapos na!" aniya na biglang lumayo. **"Pareho nga kayong may utak niyang kamay mo, at parehong marumi ang utak ninyo,"** natatawa niyang sabi.

"Ayaw mo ba?" nang-aasar ang tono ko.

"Tumigil ka na! Pumasok ka nang maaga para makauwi ka nang maaga."

"Tsh. Parating nakasigaw," nakanguso kong sabi 'tsaka tinapos ang pag-aayos. **"I'll be home before dinner."**

"What do you want for dinner?"

"Fresh Dein in bed," natatawa kong sabi 'tsaka hinalikan siya sa noo at iniwan siya sa kwarto.

Bago dumeretso sa kusina ay pumunta ako sa sala kung saan alam kong nandoon si RD kasama ang yaya niya. Lumapit ako sa kuna at nilaro ang anak ko. 'Ayun na naman 'yong pakiramdam na kompleto na ang buhay ko dahil nasa akin silang pareho. Walang katumbas ang saya no'n sa dibdib ko, lalo na sa t'wing magigising ako araw-araw.

"Hi, baby." Panay lang ang kurap ni RD sa akin. **"I love you."** Hindi ko maipaliwanag ang tuwa nang biglang ngumiti si RD na para bang naintindihan ang aking sinabi. **"Papasok na muna ang gwapo mong daddy, mamaya ay maglalaro tayo. Okay?"** Pinindot-pindot ko ang kanyang pisngi. **"Mayamaya ay ibigay mo na siya sa mommy niya,"** utos ko sa yaya 'tsaka dumeretso sa kusina at kumain.

Patapos na ako nang lumapit si Dein suot ang mas maikli pang shorts at manipis namang sando. Napatitig ako sa kanya habang ninanamnam ang pagkagat sa karneng isinubo ko.

"What are you looking at?" mataray kunyari niyang tanong, nagsasalin ng gatas sa bote ni baby.

"Kapag ganiyan ang suot mo ay gumagalaw ang puson ko," inis kong sabi.

Napamaang siya. **"Baka marinig ka ni yaya,"** mahina niyang singhal.

"Tsh."

"Napakapilyo mo ngayon, ah? At lalo kang pumipilyo."

"Talaga? Eh, di maganda. Mapapabilis siguro ang pagbuo ko ng medical team," muling biro ko. **"May doktor na 'ko, oh,"** inginuso ko pa kunyari ang kinaroroonan ni RD.

"At ilan pa ang kailangan mo?" nakapamaywang niyang tanong.

"Nurse, Midwife, Rad Tech, Med Tech—"

"Tumigil ka nga!" natatawa niyang sabi.

"I want a medical team, Dein," tumayo ako at lumapit sa kaniya. **"And I want them with you."**Humalik ako sa kaniyang labi. **"I'll see you later,**

honey. I love you."

Muli akong humalik sa anak ko bago tuluyang umalis at nagmaneho papasok. Napapangiti ako dahil sa kapilyuhan kong sinasabi ni Dein. T'wing umaga at maganda ang bangon ko ay ganito ako, na madalas namang mangyari mula nang maging isang pamilya kami.

Hindi na nawala pa ang tuwa at ngiti ko hanggang sa makarating sa ospital. Lalo pa akong natuwa nang matanawan sa E.R. si Maxwell. Na noon ay nakakunot na ang noo habang binabasa ang hawak na chart.

"Dito ka pala ngayon?" lumapit ako.

Lumingon siya. **"Hey,"** tanging sagot niya. Saka muling itinuon ang paningin sa hawak na chat.

"So...what do we have here?" tanong ko na inisa-isa ring tingnan ang charts na nakalapag sa station.

"I'm looking for a topic for my case presentation next week." Inipalag niya ang hawak na chart saka kumuha nang panibago sa hawak ko.

Nasa ganoon naman kaming sitwasyon nang lumapit si Sin. **"Good afternoon."** Mas matagal siyang tumitig kay Maxwell kaysa sa 'kin. **"Dito ka pala naka-duty, del Valle?"**

Doon palang siya nilingon ni Maxwell, masama na naman ang tingin. **"We are rotating every two weeks, what's new with that?"**masungit niyang tugon.

Natawa si Sin. **"Parang kailan pa kasi noong huli kitang makitang mag-duty dito sa SISH,"** nagpapaumanhin ang tinig ni Sin.

"I'll get this one." Sa halip na sagutin si Sin ay sa akin bumaling si Maxwell.

Iniwan niya kami sa harap ng station saka siya naupo malapit sa doktor na naka-duty sa area na 'yon. Binati siya ng doktor pero tinanguan niya lang iyon at nagsimula nang magsulat.

Hindi ko maintindihan kung bakit ganito kung makitungo si Maxwell kay Sin, nakapagtataka. Hindi naman na bago sa 'kin ang pagiging isnabero niya. Pero sadyang may kakaiba kapag si Sin ang kaniyang kaharap. Para bang isa itong asungot sa buhay niya. Wala pa mang ginagawa ay naaasar na siya.

"Napakasungit ng best friend mong iyan," natatawang ani Sin.

Natawa rin ako. **"Hindi makatsamba ng girlfriend, eh."**

"Baka bading?"

"Hindi." Natatawa akong umiling.

"Oh? Baka pinagtatakpan mo lang?" Nilingon ko siya. **"Hindi ba talaga bading 'yan?"** inginuso pa siya ni Sin.

"Hindi, may gusto nga 'yan dati sa misis ko. Wala, eh, mas malakas ang kamandag ko."

"Ah, talaga?" Humalakhak siya. **"'Yang mga ganiyang hitsura ay lapitin, wala pa siyang makuha? Imposible."**

"Hindi bading 'yan kundi pihikan, bro." Hindi ko malaman kung bakit naaasar ako dahil ipinipilit niya. **"Maniwala ka sa 'kin dahil matagal ko nang nakasama 'yan kaysa sa 'yo."** Hindi ko na yata naitago ang inis kong 'yon.

Hindi niya naman na nagawang magsalita pa dahil mula sa di kalayuan ay naririnig na namin ang sirena. Mukhang may paparating nang pasyente. Agad na kumilos ang mga nurse at naghanda.

Hindi nga nagtagal ay bumukas ang pinto ng E.R.. Pinanood namin ang pag-ikot ng ambulansya kung saan ang huling bahagi niyon ang dapat na bumungad sa entrada. Agad na namang nagsipagkilusan ang mga nurse at sinalubong ang kapwa nurse na kasalukuyang nakasakay sa ambulansya. Lumapit agad ako at nakita ang isang buntis na panay ang atungal dahil marahil sa humihilab nitong tyan.

"Mataas ang BP niya, dok," anang nurse sa senior ko. Kinuha naman nito ang papel na iniabot ng nurse at binasa ang vital signs at informations ng pasyente.

Nagtulong-tulong ang mga nurse na mailipat ang pasyente mula sa stretcher papunta sa kama. Agad namang lumapit ang senior naming babae at sinipat ang pasyente.

Ngunit hindi namin inaasahang may kasunod pa palang buntis ang naunang babae. Ang matindi pa ay dalawa iyon. Pawang ibinaba ng kani-kaniyang asawa marahil nila mula sa tricycle na sinakyan. Parehong nagmamadaling madulugan sila agad ng tulong dahil marahil sa tindi nang paghilab ng kanilang tiyan.

Noon ay pare-pareho na kaming nagsipagkilusan para tingnan ang mga pasyente. Si Maxwell ay pumuwesto sa naunang buntis. Kaming dalawa naman ni Sin sa dalawang bagong dating.

Ngunit nasa ganoon kaming sitwasyon, nang sa ikatlong pagkakataon ay muling bumukas ang pinto ng E.R.. Kung saan ay sabay-sabay kaming napalingon. At doon ay pumasok ang anim na lalaki na may kasunod na apat na pulis. Pare-pareho kaming nagulat sa hitsura ng mga ito na pawang

mga duguan. Sa unang tingin pa lang ay batid na naming tama ng bala ang dahilan. Ang apat na sibilyan ay akay ang dalawang na tila malalagutan na ng hininga. Habang ang mga pulis naman ay mga nakaalalay sa likuran ng anim. Bukod sa parehong kamay at hita ay wala nang ibang tama ang dalawang sugatan.

Nawala sa mga ito ang atensyon ko nang matuon iyon kay Sin. Naging mabilis ang pagkilos ni Sin, doble kaysa sa madalas niyang gawin. Habol-habol ko siya ng tingin nang magmadali siyang asikasuhin papahiga sa kama ang mga lalaki. Hindi ko malaman kung paano niya nagawang basta na lang iwan ang naunang pasyenteng hawak niya. Kakaiba kasi kaysa natural niyang bilis, aligaga at animong sobrang nagmamadali.

"Sin," tawag ko pero hindi niya ako pinansin. Nagpatuloy lang siya.

Nagsimulang mamuo ang tensyon sa loob ng E.R. nang sabay-sabay na magsipagsigawan sa sakit ang mga pasyente. Ang mga buntis at ang mga lalaki. Nanatili kaming kalmado nina Maxwell at ng mga senior. Maliban kay Sin na halos magkandalaglag-laglag ang mga hawak sa sobrang pagmamadali.

"Nurse! Nurse! Dalhan mo pa ako ng gauze!" anunsyo ni Sin na animong nag-aagaw-buhay na ang inaasikasong pasyente.

Hindi natiis ni Maxwell ang lapitan siya. **"You know that you don't need to rush things, aren't you?"** kalmadong aniya.

Hindi ko maipaliwanag ang galit na naroon sa mga mata ni Sin nang mag-angat ng tingin dito. Agad akong nakiusap sa senior ko at lumapit sa kanila.

"Bukod sa 'tin ay may mga kasamahan tayo dito, Sin. Hindi bale nang dahan-dahan ang pagkilos mo basta sigurado ka sa gagawin mo. Hindi makatutulong sa 'yo ang pagmamadali," pabulong na dagdag ni Maxwell.

"Pwede bang tigilan mo ang pagyayabang diyan at kumilos ka na lang para may pakinabang ka?" Noon ko lang narinig na nagsalita nang ganoon si Sin.

"Hey," sumabat agad ako. **"Dito kayo magtatalo?"** maawtoridad kong sabi, masama ang tingin sa kanila. **"Kumilos na lang kayo."**

"Sabihan mo 'yang hambog mong kaibigan, baka hiwaan ko 'yan," dinig kong bulong ni Sin.

Napalingon ako sa gulat. Mukhang hindi narinig ni Maxwell ang sinabi niya dahil sa hina niyon. At bagaman sa 'kin niya sinabi ay hindi ko

naiwasang mabigla. Hindi ko pa nariringgan nang gano'ng mga salita si Sin. Lalo tuloy akong nagtaka. Matapos niyang kumilos nang gano'n kabilis ay ganito na lang ang init ng ulo niya.

"Ako na diyan," prisinta ko.

Nagulat na naman ako nang samaan niya ako ng tingin. **"Ano ang magagawa mo?"**

"Pardon me?" seryoso kong sabi.

"Doon ka na sa mga buntis, doon ka naman magaling, hindi ba?" sarkastiko niyang sabi.

"Sin, hindi kita maintindihan ngayon. Are you sure you're okay?" sinisikap kong maging malumanay sa pakikipag-usap. Halos magbulungan kami dahil padaan-daan ang seniors namin at mga nurse.

"Doon ka na sa mga buntis. I know what I'm doing," aniya na hinugasang maigi ang sugat ng lalaki.

"Let me help you."

"I can do this!"

"Mr. Echavez, Mr. Rewis?"Lumapit sa 'min ang physician on duty. Napabuntong-hininga ako. **"Is everything alright?"** Mukhang maging siya ay natutunugan na ang ingay na dulot nang pag-uusap namin.

"Yes, doc," napapahiya kong sagot. Pinagkunutan kami ng noo nito 'tsaka lumapit sa mga pulis.

"Hindi ba nila tutulungan ang mga ito? Mauubusan na sila ng dugo!"asik ni Sin, hindi malaman kung sino ang kausap. **"Nurse, kumilos ka! Bilisan mo! Tulungan mo iyong dalawa pa!"**

"Sin," hindi ko na naman napigilan ang sariling lapitan siya.

Hindi niya ako nilingon. Nagpatuloy siya sa paglilinis ng sugat ng mga iyon. At bago pa man siya muling kumilos ay pinigilan ko na ang kamay niya.

"Hindi ikaw ang dapat na gumagawa niyan."

"At sino, Randall?" asik niya na siyang ikinagulat ko dahil sa lakas no'n. **"Sino ang gagawa nito bukod sa akin, ha? Sino sa tingin mo ang maglalakas-loob na lumapit sa mga taong ito na may tama ng baril? Sino sa tingin mo ang uunahin sa kanila? Iyang mga buntis na may dalawang buhay, o itong apat na nabaril—na mukhang inosente pero dahil sa kaso nila ay gusto ninyong iwasan?"**

"Ano ba ang sinasabi mo?" naguguluhan kong tanong.

"Wala kang alam, Randall! Kaya manahimik ka na lang diyan at asikasuhin ang dapat mong asikasuhin!"

"Pero hindi nga ikaw ang dapat na gumagawa niyan. Tapos na ang trabaho mo sa mga iyan," patungkol ko sa akto niyang pagtatanggal ng bala sa hita ng mga ito.

"Manahimik ka!" Sumabat ang pasyente. **"Tulungan ninyo na lang ako!"** Napasigaw ito sa sakit.

"Oh? Nakita mo na?" naghahamon ang tinig ni Sin. **"Ano? Igagaya mo 'ko sa mga iyan?"**

Inginuso niya ang physician on duty na kausap pa rin ang ibang doktor na abala naman sa mga buntis.

"Hindi ko pababayaan ang mga ito! At iyon ang trabaho natin bilang mga doktor! Bobo!"

"What did you say?" bigla ay nag-init ako. **"What is your problem, Cargosin?"**

"Ikaw rin ba ang magpapaanak sa mga iyan, Randall? Hindi naman, 'di ba?" natatawa niyang sabi.**"Pinakikialaman mo ang ginagawa ko, ikaw 'tong walang pakinabang. Ang gusto mo na lang parating gawin ay 'yong mga madadaling trabaho."**

"You're overreacting, Cargosin."Hindi namin namalayan ang paglapit ni Maxwell. Kunot-noo niyang hinila sa braso si Sin papalayo sa mga pasyente. **"Sa tingin mo ba ay pababayan sila ng mga nurse at doktor? Hindi. And besides, you did enough already, as a student and as a part of the medical team. Mayamaya lang ay iigi ang lagay nila dahil sa paunang lunas na ibinigay natin. Tama si Randall, hindi ikaw ang dapat na gumawa niyan,"** itinuro niya ang kamay ni Sin. **"Paano kung sa pagmamagaling mo ay may matamaan kang hindi dapat tamaan? Ni hindi mo nga alam kung san nandoon ang mga bala, tatanggalin mo na? Bakit ba hindi ka makapaghintay at atat na atat kang hiwaan ang mga 'yan? Umalis ka nga diyan."**

"Maxwell," gumitna ako.

"Hambog ka," dinuro siya ni Sin ng scalpel. Nag-angat ng noo si Maxwell, ipinakitang hindi siya natatakot.

"Sin?" mahina kong pigil.

"Kayo, kayong tatlo. Sa station. Ngayon na!" asik ng senior namin. Dahil sa sobrang pagkapahiya ay nagbaba agad ako ng tingin at sumunod. **"Ano ang nangyayari sa inyo?"** nagagalit ang tono nitong tanong. **"Tama**

ba sa tingin ninyo ang magtalo kayo sa harap ng mga pasyenteng iyon? Sa oras na ito?"

"Sorry, doc," sabay naming sagot ni Maxwell.

"Anong klaseng pag-uugali iyan? Ano ba ang mga nangyari sa inyo at mukhang nagsipasukan kayong maiinit ang ulo?"

"Sorry, doc," muli akong nagpaumanhin.

"Doc Cargosin?" baling dito ng senior. **"What is wrong with you?"**

"I just want to help those patients, doc."

"I can see that! Lahat tayo ay gustong gawin iyon. Pero tama ba iyong hiwaan mo ang pasyente nang wala pang naririnig na salita mula sa amin? Alam mo ba talaga kung ano ang dapat na gawin?"

"Pakiramdam ko kasi ay hindi ninyo iniintindi ang mga pasyente, doc," mariin at masama ang tingin ni Sin sa senior.

Hindi ako makapaniwalang nakikita ko siya sa ganitong sitwasyon ngayon. Kinakabahan ako sa kaniya na hindi ko maintindihan. He's really acting weird.

"Inuuna ninyo 'yong mga buntis, hindi ba? Eh, di doon ako tutulong sa mga taong hindi ninyo malapatan ng tulong!"

"Sin," muli ko siyang pinigil. **"Ano ba ang nangyayari sa 'yo, bro? Tone down your voice."**

Pero hindi niya ako pinansin. **"This happened already, and I'm not gonna let it happen again. Mababuhay ang mga taong iyon,"** itinuro ni Sin ang apat na lalaki. **"Mababuhay sila!"**

"You know what?" sabat ni Maxwell. **"You need a break."**

Hinawakan niya nang mahigpit ang kamay ni Sin dahilan para mabitiwan nito ang hawak na scalpel.

"You don't know what you're doing, Cargosin Rewis," asik ni Maxwell.

"Sit down there and stay where you are, Mr. Rewis." Itinuro ng senior ang upuan sa station. **"You're not going anywhere. We don't need your help,"** napipikon nitong dagdag at saka muling lumapit sa mga pasyenteng naro'n.

Hindi agad ako nakakilos. Hindi ko maintindihan ang nangyayaring ito ngayon sa harapan ko. Marahan kong nilingon si Sin. At gano'n na lang uli ang gulat ko nang makita ang nanlilisik niyang mga mata na nakatuon sa akin.

"You're going to regret this," panay ang pangunguyakoy ng paa niya habang sinasabi iyon, pasama nang pasama ang tingin sa 'kin. **"And you're going to blame yourself for this, asshole."**

"Sin."

"Ikaw na naman ang dahilan, Randall. Ikaw na naman at ang mga *puñetang* buntis."

"What are you saying?"

"Magsisisi ka, Randall."

"Sin, what the hell are you saying?"

"Magsisisi ka."

Hindi ko napigilang kabahan. Gusto kong magalit pero natatalo ako nang namuong takot sa dibdib ko. *Ano ang ibig niyang sabihin?* Masyado akong nalilito. Sa oras na iyon pakiramdam ko ay nababaliw na ang Sin na nakilala ko.

"Sin, don't talk like that. Calm down," pakiusap ko.

Pero sinamaan niya pa rin ako ng tingin at hindi na muling nagsalita.

"You're crazy," napapailing kong bulong saka tinalikuran siya. Agad akong dumulog sa mga pasyente at hindi na siya inintindi pa.

Bagaman naging mahirap ay pilit kong inalis sa isip ang mga ikinilos at sinabi ni Sin. Itinuon ko ang atensyon sa mga pasyente. Lalo na nang may magsipagdatingan pang bago.

Bago matapos ang araw na 'yon ay naging normal ang lahat. Naging magaan ang daloy ng trabaho bagaman abala lahat ng tao. Dagsa ang mga pasyente. Kaliwa't kanan naming pinagsasabay ang pagtulong at pag-aaral. Talagang malaking tulong ang hindi pagkilos ni Cargosin.

Tapos na ang shift at naroon na lang kami para sa endorsements. Doon ko lang uli nagawang pansinin si Cargosin na kasalukuyan nang papalapit sa gawi namin. Iiling-iling siya at malamlam na ang mga mata kagaya nang Cargosin na nakilala ko.

"Bro," mahinang bungad niya.**"Sorry sa mga sinabi ko kanina,"**inaasahan ko nang iyon ang sasabihin niya. **"Sorry. Hindi ko lang napigilan ang sarili ko."**

Matagal ko nang napapansin na mabilis uminit ang ulo ni Cargosin. Lalo na sa t'wing may buntis, nasaksak, nabaril o nasabugan. T'wing mangyayari 'yon nagiging aligaga siyang kumilos, hindi na maingat. Pero kanina ko lang siya nakita nang gano'n katindi. Iyong parang masyado siyang apektado. Kanina lang din siya nagsalita nang gano'n sa mga kasamahan

niya. Hindi ko inaasahang sasagot siya sa senior. Nakakapanibago, nakakatakot at hindi ko kilala ang taong 'yon na nasa kaniya kanina.

"Ayos lang, pero sana ay hindi na maulit, bro. Naninibago ako sa 'yo, eh," napapailing ko ring sabi.

"Hindi ko sinasadya, paumanhin," bumalik siya sa nakasanayan nang pagiging pormal niya.

Tinapik ko na lang ang balikat niya at hindi na nagsalita. Nagpapasalamat na lang din ako na nagawa niya pa ring kilalanin ang pagkakamali niya. Ang inaalala ko kasi ay baka makalimot siya at totoohanin kung anuman ang mga pinagsasabi niya kanina. Sobra akong nag-alala dahil nakakatakot talaga ng hitsura niya. At kung hindi ako nakapagpigil ay baka kung ano na lang din ang nagawa ko sa kaniya.

Bukod sa 'kin ay humingi rin siya ng paumanhin sa mga kasamahan naming doktor. Lalo na sa seniors namin at kay Maxwell.

Dahil kilala ko na si Maxwell, hindi na ako nagulat nang hindi siya makumbinsi sa paghingi ng tawad ni Cargosin. Masama pa rin ang tingin niya dito at panay ang iling.

"Mauna na ako," paalam ni Sin nang nasa locker na kami. Sabay namin siyang nilingon ni Maxwell. **"Mag-iingat kayo,"** nakangising aniya.

Hindi ko malaman kung bakit parang iba ang naging dating no'n sa 'kin. Nangunot ang noo ko. At bago pa man ako makapagsalita ay tinalikuran na niya kami.

Weird.

"Damn, I really don't like that guy," dinig kong bulong ni Maxwell. **"Are you friends with him, E?"**

Nagkibit-balikat ako. **"Believe me, he's okay, D. He's a good person and easy to deal with."**

Ngumisi si Maxwell, nakakaloko. **"Seriously?"**

"Ewan ko lang kung bakit sa t'wing may ganitong cases ay nagkakagano'n 'yon."

"Don't you find him weird?"

"Tsh. Ganiyan nga ang nasa isip ko ngayon. You also think he's weird?"

"He is. That retard, tsh, does he even know what he's doing?" umiling siya nang umiling 'tsaka isinara ang locker. Matagal maka-move on si Maxwell. **"Are you done? Let's go together."**

"How about we drink coffee?"

"Sure," parang nagtataka pang aniya.

Gano'n nga ang ginawa namin, magkaiba man ng sasakyan ay dumaan kami sa mall para tumambay sa coffee shop. Ako ang um-order para sa 'ming dalawa. Dahil hindi ko na maaagaw pa ang atensyon niya sa librong binabasa.

"Hindi ka ba nababagot sa buhay mo?" natatawang tanong ko. **"Kahit anong aral mo ay hindi mo 'ko matatalo. Matalino ako kahit hindi ako magbasa gaya niyang ginagawa mo."**

"Okay."

"Tsh. Ano ba 'yan?"

"Psych," ipinakita niya ang libro. **"Hinahanap ko ang posibleng sakit no'ng kaibigan mo,"** pinagkadiinan niya ang salitang "kaibigan", nang-aasar. At nasisiguro kong asar na asar talaga siya kay Cargosin. Hindi ugali ng isang del Valle ang pag-aralan ang hindi interesanteng tao. Naglalaan siya ng enerhiya kaya mukhang espesyal si Cargosin.

"Tigilan mo na muna 'yan. Mag-usap tayo tungkol sa mga babae."

"Tsh. Hindi ka pa rin ba nagsawa?" natatawang tugon niya 'tsaka isinara ang libro.

"Ikaw ang inaalala ko," itinuro ko pa siya. **"Kung hindi ka pa magge-girlfriend, D, iisipin ko nang ako ang gusto mo."**

"Was that a joke?" pinagkrus niya ang mga braso, seryoso. **"My system is not responding, it can't laugh,"** dagdag pa niya.

"Seryoso, D, kailangan mo nang maghanap ng babae."

"Maraming babae, E." Itinuro niya ang counter. **"'Ayun, babae,"** itinuro niya ang katabi. **"'Ayan, babae,"**itinuro niya ang paligid.**"Napakaraming babae...at wala akong magustuhan maski isa sa kanila."**

"Bakit nga?"

"I don't know," nagkibit-balikat uli siya.

"'Wag kasi 'yang Psych ang basahin mo, bro. Do'n ka sa Anatomy!"

"What for?"

"Go back to the reproductive system. Doon ay matututunan mo ang lahat ng interesanteng bagay tungkol sa mga babae. Pero mas masarap pag-aralan 'yon kung may kasamang demonstration. Hahaha!"

"Tsh."

"'Yong kaibigan ba ni Pein...hindi mo trip?"

"Si Zarnaih?"

"'Yong kapatid no'n," itinuro ko pa siya habang hawak ang tasa ko.

Kumunot ang noo niya at hindi nakapagsalita. Napatuwid ako ng upo at bahagyang isinugod ang mukha ko sa kaniya.

"Damn it!" Natawa ako. **"Namula ka, D!"**

"What?" asik niya.

"What the hell? Trip mo 'yon, 'no?"

"Shut up, Randall. You're not funny."

"Because I am not joking, D! Trip mo? You like her!"

"I don't."

"Yes you do," panunukso ko. **"Well, she's beautiful, I can't blame you,"** nakangisi ko pang dagdag. **"So what's the score?"**

"Damn, we're not playing."

"So you're damn serious, huh?"

"Hey, it's not funny."

"No one's joking, D! Come on, don't deny it. Type mo 'yong kapatid ni Zarnaih!"

"Her name is Yaz."

"Eh, di type mo si Yaz!"

"Ang ingay mo."

"Aw! Type mo nga?"

"Hindi!"

"Yes, you do."

"Ang lakas mong mang-asar."

"At napipikon ka kasi totoo!"

"She's really not my type. She's so loud and annoyingly sticks like a glue. Ang type ko ay 'yong mahinhin, gano'n sa asawa mo," seryosong aniya tapos biglang tumawa.

"What the..." naiamba ko ang kamao. **"Sira-ulo!"**

Humalakhak siya sa paraang madalas na pinagtitilian ng mga babae. 'Yong iba ay kunyaring hinihimatay pa matapos siyang makitang tumawa dahil madalang niyang gawin 'yon. Bukod sa 'kin ay mga kapatid lang niya ang nakapagpapatawa sa kaniya nang ganoon.

"Why don't you come and visit my house some time?" sabi ko. **"I can't remember when was the last time we played arcade games. Parang ang layo ng bahay mo sa 'kin, ah?"**

"Madalas akong umuwi sa mansyon."

"Dahil nandoon si Yaz?" panunukso ko uli. Sumama ang mukha niya. **"Kidding,"** isinuko ko ang dalawang kamay. **"Kahit minsan ay dumaan ka lang. Hindi mo man lang ba titingnan 'yong anak ko?"**

"May sakit ba?"

"Sira-ulo!"

"No reason for me to go there, then. I'm busy."

"Pinagsasabay mo ba ang college at master's degree?" biro ko. **"Wala akong pasok bukas dahil nag-duty ako ngayon. Kung libre ka ay dumaan ka sa bahay, paghahandain ko si Dein."**

"Ano naman ang gagawin ko ro'n?"

"Let's eat lunch or dinner together! Kung gusto mo ay isama mo si Yaz. O kaya naman lumabas na lang tayo para double date."

"Shut up. Isang biro mo pa, liligawan ko ang asawa mo."

"Kung sasagutin ka," ganting asar ko 'tsaka kami sabay na natawa.

Madalang na naming magawa ni Maxwell 'to kaya naman gano'n na lang ang panghihinayang ko dahil sa maikling oras namin. Matapos kasi ang treinta minutos ay kinailagan na naming umuwi pareho. Mag-aaral pa raw siya. Hindi ko naman malaman kung ano pa ba ang kailangan niyang aralin. Kahit walang exam ay ugaling-ugali na niyang magbasa. Parang ikahihito ng hininga niya ang hindi pagbabasa sa loob ng isang araw.

Tulog na si RD nang makauwi ako, siya ang unang tiningnan ko. Sandali akong nagtagal sa kwarto niya, katititig sa mukha. Kahit tulog ay kinakausap ko siya. Kapag may libre akong araw ay gano'n lang ang ginagawa ko. Pinipili namin ni Dein na manatili sa bahay kapag rest day ko. Gusto naming na kay RD lang ang buo naming atensyon buong araw. Madalas ko nang gawin 'yon pero nami-miss ko pa rin ang anak ko maya't maya.

"Your dinner is ready, honey," narinig ko ang boses ni Dein. Tahimik akong nagpaalam sa yaya ni RD 'tsaka ako lumabas.

Dumeretso ako sa kusina pero walang tao. **"Honey?"** tawag ko.

"I'm here!" sa kwarto nagmumula ang boses niya kaya doon ako dumeretso.

Hindi ko naiwasang mapangisi nang makita kong nakaawang ang pinto. May manilaw-nilaw na ilaw mula ro'n. *Pilya!* Kaya naman hindi na ako nagulat nang makita si Dein sa manipis na manipis niyang suot. Nakahiga siya nang patagilid sa kama, bahagyang nakaharap sa 'kin.

"Hindi ka ready, hon," biro ko.

"Hindi," biro rin niya. **"Handa ka na bang mapuyat?"**

"Nagkape ako," natatawa kong sabi 'tsaka ako lumapit sa kaniya.

Pinagmasdan ko ang kabuuan niya habang isa-isang tinatanggal ang butones ng polo ko.

"Parang gusto ko 'yong katulad kanina, hon," mapanukso kong sabi. **"'Yong hindi mo alam kung saan ka hahawak dahil sa sobrang sa...rap."**

Tuluyan kong hinubad ang mga suot ko hanggang sa maiwan ang boxers. Sumampa ako sa kama at napahiga naman siya nang tuluyan.

"Why do you have to be this beautiful, hon?" tanong ko, ngumiti lang siya. **"And why do I have this feeling that you're making me fall in love with you again and again?"**

"Mabuti pala sa 'yo ang magkape, honey? Gusto mo bang ipagtimpla kitang parati?"

"Basta ba may uuwian akong ganito parati," kinagat ko ang labi habang papasunggab sa mukha niya.

Pero gano'n na lang ang pagkadismaya naming pareho nang biglang tumunog ang cellphone ko. Nanlulumo akong nahiga sa kama at kinapa iyon sa bulsa ng pants kong ibinato kung saan. Bahagya pa akong nagtaka nang makita kung sino ang caller.

"Sin?" patanong kong sagot.

"Randall! Randall! You have to come here!" naghihisteryo niyang sabi.

"Wait, what?"

"Please, come here! Now!"

"Where?"

"Sa bahay ko! Please! Please!"

"You have your own house? I don't know where you live." Nagsisimula akong mag-alala.

"Sa mansyon ng mga Rewis! Please! Ah!" sumigaw siya na para bang nasaktan nang sobra.

"Sin, what's going on there?"

"I'm...ah!" muli siyang sumigaw nang sobrang lakas.

At dahil sa sobrang gulat ko ay napakapit sa 'kin si Dein at pabulong na nagtanong.

"Please! I'm in pain, Randall! Please come faster! Now! Ah!"

Sa isip ko ay nagwawala na siya sa iniindang sakit. Gano'n katindi ang pagsigaw niya.

"Hold on, I'll be there!" nagmamadali kong sabi 'tsaka napabalikwas ng bangon. **"Honey, I have to go somewhere. Lock the doors when I leave."** Pinulot ko ang mga hinubad at patakbong lumabas.

Hindi ko maipaliwanag ang naghahalo kong pagkalito at kaba. Gusto kong magtanong kung bakit ako ang tinawagan niya. Pero parang napakawalang-kwenta ko naman para gawin 'yon. Gayong mukhang kailangang-kailangan niya ng tulong. Sa pagkakasigaw niya ay para bang napakalubha ng sakit na nararamdaman niya.

Hold on, Sin. Hold on, bro!

Nagmadali akong magmaneho papunta sa mansyon ng mga Rewis. Nang sandali palang na iyon ay ngarag na ako sa pag-iisip sa dapat na gawin. Sa mga kakailanganin para gamutin siya. At kung sakaling wala, kung saang ospital ko siya itatakbo.

Maging ang dahilan kung bakit siya nagkaganoon ay hindi nawala sa isip ko.

MAX'S POV

Bago pa man ako tuluyang makalapit ay bumaba na si Lovemir mula sa sasakyan. Ang talas ng tingin ko ay napalitan ng ngiti.

"Good evening," pormal kong bati. Ngiti lang ang isinukli niya at saka nilingon ang passenger's seat.

"*Noona, annyeong*!"

"*Dongsaeng*?"

Nangunot ang noo ko nang mula ro'n ay lumabas ang nakangiti nang si Maxrill. Naka-peace sign pa.

"I thought you were...inside?"Itinuro ko ang mansyon. Nalilito kong nilingon ang bahay at binigyan siya nang nagtatanong na tingin.

"No," parang bata niya na namang sagot, ang hintuturo ay nakatutok sa langit.

"He was with me," sabat ni Lovemir.

Nilingon ko siya. **"Yes, I can see that,"** naiinis, nagtataka at nangangapang sagot ko. **"At hindi ko alam na magkakilala pala kayo?"**

"We're schoolmates," ani Maxrill, tumango-tango pa. **"And you are classmates."** Itinuro niya kami.

"Shut up," mariing sabi ko 'tsaka hinarap si Lovemir. **"Paano mo nakilala ang kapatid ko?"**

"Wait," hindi malaman kung matatawang aniya na bahagya pang umatras. **"Nakilala ko lang siya sa school. Sa canteen, madalas kaming magkasalubong do'n. Madalas kumain ang kapatid mo...kahit nagkaklase,"** napakamot pa siya sa batok.

Hindi ko alam kung paniniwalaan ang sinabi niya. *Pero anong dahilan niya para magsinungaling gayong nandito si Maxrill sa harap naming pareho? Tss.* Nabigla lang talaga ako. *At talagang alam niyang kumakain ang kapatid ko sa klase? Super close? Tss.*

"*Sasil-iya*?" paniniguro ko kay Maxrill kung totoo ang sinabi ni Lovemir. Maging siya ay kakikitaan ng pagtataka sa kabila ng pagiging inosente. **"*Malhae,*"** inutusan ko siyang sagutin ako.

"*Ne, Noona,*" napapahiyang sagot ni Maxrill, pinatotoohanan ang sinabng 'yon ni Lovemir.

Matagal ko siyang tinitigan. Mabuti at nahinto siya sa pagpapa-cute dahil alam niyang galit ako. 'Tsaka ako napabuntong-hininga paiwas sa gawi nila. Narinig ko pang bumulong-bulong si Maxrill na hindi ko naman na pinansin.

"Hey, what are you guys talking about?" mahinang tanong ni Lovemir, bakas ang pagkalito sa tono.

Nilingon ko siya, hindi ko naiwasang basahin ang mga mata niya. *Bakit kahit na anong paghihinala ko ay hindi ko magawang kakitaan nang mali ang mga kilos mo? Gano'n ka ba talaga kagaling magtago o sadyang nagkakamali lang ako?*

"Pasensya na," huminga ako nang malalim. **"Hindi palakaibigan ang mga kapatid ko. At talagang nagulat ako dahil hindi ko alam na magkakilala pala kayo."**

"Kakaiba ka naman yatang magulat?"

"Dahil hindi ko inaasahang magkakasama kayo ngayon. Ang akala ko ay nasa loob siya ng bahay," kunot-noong sagot ko. **"Hindi mo man lang nabanggit sa 'kin na nakakasama mo pala siya? Kailan pa kayo nagkasama nang ganito? Gabi na."**

Kumunot ang noo niya sandali, nag-isip, 'tsaka tumitig sa 'kin na para bang nagtatanong.

"Pinag-iisipan mo ba ako nang masama, Maxpein?" mahina niyang tanong, napabuntong-hininga lang ako.

"Maxrill, go inside," utos ko. **"'Wag kang lalabas nang walang paalam. I'll talk to you tomorrow morning, gumising ka nang maaga,"**

maawtoridad kong utos.

Lumapit si Maxrill at yumakap sa braso ko. **"*Noona, hwaga*?"** tinanong niya kung galit ako. **"*Hwaga, Noona*?"**

"*Ani,*" tanggi ko. **"Go inside and sleep."**

"*Arasseo,*" kakamot-kamot sa ulong aniya. Tiningnan niya si Lovemir bilang paalam 'tsaka kami tinalikuran. Maglalakad siya ng ilang hakbang tapos muling lilingon sa amin. Pero kapag nakita niya akong tumingin ay muli siyang maglalakad palayo.

"I'm sorry," ani Lovemir, hindi ko siya nilingon. **"Hindi ko alam na mamasamain mo ang pakikipagkilala ko sa kapatid mo."**

Doon ko siya nilingon. **"Hindi kasi 'ko sanay nang may kaibigan siya. O nakakasama bukod sa 'ming mga kapatid niya at mga kaibigan ko. Maski si Sensui ay hindi sinasamahan niyan basta-basta. Kaya gano'n na lang ang pagtataka ko kung paano nangyaring nagkasama kayo,"** dere-deretso kong sabi.

Hindi agad siya nakasagot. Nanatili siyang kunot-noong nakatitig sa 'kin saka bumuntong-hininga.

"Again, I'm sorry. It's up to you if you're going to believe me or not but we met a few days ago. Gaya ko ay tumatakas siya sa klase para lang bumili ng snacks sa canteen. Nagkasundo lang kami nang malaman ko na magkapatid kayo at nang malaman niyang magkaklase tayo, 'yon lang 'yon," sinsero niyang sabi.

Nag-iwas ako ng tingin. Gusto kong sisihin ang sarili dahil kahit hindi ko sabihin ay alam kong kumbinsido ako sa sagot niya. Nakikita ko ang pagiging sinsero niya at nararamdaman kong nagsasabi siya nang totoo.

Bakit ba nagpapadala ka sa kanya, Maxpein? Tsk. Paano niya nagagawang makapagtago nang ganito? Gano'n siya kahusay sa panloloko ng tao?

"Do you still wanna go out with me?" tanong niya nang hindi ako makasagot. Nangunot lalo ang noo ko. **"I mean do you still want to join me at the party?"** kunot-noo niya ring tanong. Magkahalo ang pagkadismaya at pag-asa sa kaniyang tono. **"I'll understand if you're not joining anymore."**

"Yes," kaswal ko lang na sagot. *Dahil nando'n si Sensui. Hindi na 'ko pwedeng umurong ngayon.***"I'll join you."**

"Okay," nakahinga siya nang maluwag. **"Please get in,"** aniya matapos akong pagbuksan ng pinto.

Palihim kong pinagmasdan ang kilos niya habang nagmamaneho. Nabuhay na naman ang pagkalito sa isip ko at ngayon palang ay nananakit na ang ulo ko. Nakakabaliw ang ganitong isip at pakiramdam. Sa una ay paghihinalaan ko siya. Ilang saglit lang ay naniniwala na ako sa kaniya. Paulit-ulit lang iyon.

Natunton niya ang mansyon dahil kay Maxrill, gano'n ba? Kailan naman umalis ang kolokoy na 'yon? Akala ko ay nasa bahay lang siya. Tsk. Tumingin ako sa labas at saka nagpatuloy sa pag-iisip. *Nalilito na naman tuloy ako. Pati ang pakiramdam ko ay pinaghihinalaan ko na ngayon kung tama ba o mali. Madalang akong magkamali, paulit-ulit ko na 'yong sinabi. Pero hindi ko matukoy ngayon kung nasaan ba ang mali? Nasa kanya o nasa akin?*

"You're making me nervous, Maxpein." Binasag ni Lovemir ang pananahimik ko. Nilingon ko siya. **"I'm sorry, okay? Hindi ko talaga sinasadya. Kung gusto mo ay pwede ko namang iwasan ang kapatid mo. 'Wag mo lang akong pag-isipan nang masama, okay?"**

Tinitigan ko siya. Itinuon niya sa pagmamaneho ang paningin. Pero gano'n na lang ang gulat ko nang ihinto niya ang sasakyan at humarap sa 'kin.

"I am willing to explain, just...please, talk to me? Natatakot ako diyan sa pananahimik mo," nag-aalala ngang aniya.

Napailing ako. Hindi ko malaman kung paano siyang sasagutin. Hindi ko pwedeng sabihing naghihinala ako sa kaniya. Na hindi lubos ang tiwala ko sa katauhan niya. At mas lalong hindi ko pwedeng sabihin ang dahilan nang paghihinala ko.

"Nabigla din ako sa iniasta ko, pasensya na," pagsisinungaling ko. Hindi ko magawang tumingin nang deretso. **"Hindi lang talaga ako nasanay nang may kasama siyang iba, ngayon lang."**

"Gano'n kaiba ang tingin mo sa 'kin?" Itinanong niya iyon sa paraan na para bang mali na naman ang hinala ko. Na para bang kailangan ko pang makonsensya dahil sinasabi ng tinig niyang hindi siya gano'n.

Nailang ako bigla, ngayon lang iyon. **"Nito lang kita nakilala, Lovemir. Hindi mo maiintindihan kung paano ko protektahan ang mga kapatid ko, lalo na iyong bunso."**

"Ano ba ako sa 'yo?" seryoso niyang tanong. **"Kakilala? Kaklase? Nakakasama? You're a friend to me, Maxpein. Already. Kahit wala pa tayong malalim na pinagsamahan, ganoon na ang tingin ko sa 'yo,**

Maxpein. Nang oras pa lang na tulungan mo ako, nang sandali at unang beses nating magkita. Noon palang ay alam ko nang magiging kaibigan ang tingin ko sa 'yo," mahaba niyang sabi.

May kung anong pintig sa dibdib kong nakapagpakaba sa 'kin. Hindi ko inaasahan ang pag-amin niya.

"I didn't expect such reaction from you. Sumama ang loob ko dahil para bang malaking kasalanan agad ang nagawa ko. At napahiya ako sa harap ninyong pareho."

Napapihit ako paharap sa kanya. **"Hindi ko inaasahang gano'n ang magiging dating sa 'yo,"** natutuliro kong sabi.

"Maxpein..." Lalo pa siyang sumeryoso. **"Pinaghihinalaan mo ba ako?"** taas-kilay niyang tanong.

Tumaas din ang kilay ko. *Peste! Tsk.***"Anong pinaghihinalaan?"** hindi ko naiwasang mautal.

"Noon pa man pakiramdam ko ay binabantayan mo ang mga kilos ko. Kung makipag-usap ka sa 'kin ay para bang parati kang may hinuhuli. O kung hindi naman ay para kang may hinihintay kang masabi ko. I'm sorry but that's what I've noticed before," umiiling niyang sabi 'tsaka muling tumingin sa 'kin. **"Nawala lang 'yon nitong huli,"** kunot-noo niyang dagdag. **"Pero sa kilos at pananalita mo kanina ay pinatunayan mo ang lahat nang napansin ko noon. Are you suspecting me in any way or something?"** gano'n kaderetso niyang naitanong 'yon.

Hindi ko malaman ang sasabihin. Huminga ako nang malalim pero walang naisip na isasagot.

"Maxpein?"

"No," muli akong nagsinungaling. Pero nasabi ko na 'yon bago siya muling tingnan. **"Akala ko ba ay male-late na tayo sa party ng kaibigan ninyo?"** iniba ko na lang ang usapan.

Tumitig siya sa 'kin. **"Are you sure?"**

"Yes, I am sure," matagal bago ako nakasagot.

"I believe you," seryoso niyang sabi 'tsaka binuksan muli ang makina. **"If ever you're hesitant about my existence, you have all the rights to ask. I'll answer you. But if you're threatened about presence, I'll stay away from you."** 'Tsaka niya pinaandar ang kotse.

Ano ang ibig niyang sabihin? Hindi na ako nagtanong. Ayaw kong humaba pa ang usapan lalo na't hindi ko alam kung paano siyang sasagutin.

Gano'n na ba ako ka-obvious na maging siya ay nakahalata na? This is not good. Paano ko siya mahuhuli kung ganitong nahahalata niya naman pala 'ko? Tsk. Sa kauna-unahang beses ay may nanguwestyon sa mga kilos ko nang tama ang ipinupunto.

Sa loob-loob ko ay napahiya rin ako kay Lovemir. Hindi lang dahil sa iniasta ko, all this time ay may napapansin pala siya. Marahil ay naging dahilan do'n ang pabalang kong mga sagot sa kaniya. Hindi ako magtataka kung mahalata 'yon ng iba pero pagdating sa kaniya ay hindi ko maipaliwanag kung bakit ako kinakabahan.

You can't blame me, Lovemir. Ang koneksyon mo kay Eerah Anitha ang nagbigay sa 'kin nang ganitong paghihinala sa 'yo. Ang pagdating ninyo sa buhay namin ay hindi inaasahan. At hindi matukoy hanggang ngayon ang pinagmulan. Ang mga kababalaghang nangyayari mula nang dumating kayo ay hindi namin magawang lutasan.

Hindi nagtagal at narating namin ang venue ng party. Mukhang *en grand*e ang handaan dahil sa mga eleganteng disenyo sa kabuuan ng lugar. Pinaghalong dilaw at puti ang ilaw kaya naman gano'n 'yon kaliwanag. Gaya nang nakasanayan ko nang mga party, mukhang sosyal ang mga naro'n, mga bigtime. Wala man masyadong palamuti, ang naging dahilan para magmukhang magarbo ang handaan ay dahil sa labas palang ay mga mamahaling sasakyan na ang nakaparada. Isa na ro'n ang kotse ni Sensui.

"Let's go?" anyaya ni Lovemir. Tango lang ang sagot ko.

Bigla ay tila nagbago ang paraan niya ng pagtingin sa akin. Malamya na 'yon ngayon, siguro ay dahil sa naging pag-uusap namin.

Nadismaya siguro talaga siya. Hindi ko tuloy naiwasang makonsensya. Pakiramdam ko ay lalo akong nailang sa kaniya. Hindi na ako nagsalita. Sumunod ako nang tumuloy siya papasok.

Gusto kong mapaatras nang tuluyan kaming makapasok. Malamig ang pakiramdam, wala kasi akong kakilala bukod kay Lovemir at kina Eerah at Sensu. Na hindi ko pa nakikita. Lalo akong nanlamig nang dapuan ako ng tingin ng mga naroon. Nagliwanag ang mga mata nila nang makita si Lovemir. Pakiramdam ko ay kwestyonable ako sa paningin nila. Hindi ko tuloy malaman kung saan itutuon ang paningin. Nanatili ako sa tabi ni Lovemir habang pinakikiramdaman ang paglapit ng mga kung sino sa gawi namin.

"Oh, god, I thought you're not coming," anang magandang babae.

Mukha siyang model dahil magandang height at balingkinitang katawan. Nakipagbeso siya kay Lovemir.

"I'm glad that you came, Lovemir."

"Thanks for inviting me, Almeyra."May hinugot na rose si Lovemir mula sa coat at iniabot dito.

Natahimik ang babae matapos magpasalamat. Ngumiti ako at gustong mapahiya nang mag-alinlangan akong batiin siya. Nagpalitan siya ng tingin sa amin ni Lovemir. Bahagya siyang ngumiti habang nakataas ang kilay nang magtama ang paningin namin.

"By the way this is Maxpein del Valle," iminuwestra ako ni Lovemir. **"Maxpein, this is my friend Almeyra."**

Naglahad ito ng kamay. **"Good evening."** Nagawa niya akong suriin sa mataray niyang tingin. **"Welcome to my party."**

Hindi ko malaman kung ano ang isasagot. *'Buti sana kung birthday niya, kaso ay hindi. Tsk.* **"Good evening,"** 'yon na lang din ang naisagot ko. **"Nice to meet you."**

"Nice to meet you, too." Muli niyang pinasadahan ng tingin ang kabuuan ko.

Noon ko napagtantong hindi akma ang suot ko sa mga nandoon. Puro mga naka-cocktail dress ang mga babae at mga naka-suit and tie naman ang lalaki. Habang ako ay parang tatambay lang sa gitna ng New York at doon maninigarilyo.

"Come in," anyayang muli ni Almeyra 'tsaka nagpaumuna sa 'min. Iginiya naman ako ni Lovemir pasunod sa kaniya. **"Guys, Lovemir's here!"** anunsyo niya sa lahat.

Kung kaninang dumating kami ay ilang atensyon lang ang naagaw namin, ngayon ay lahat na. Bigla akong nahiya, hindi malaman kung anong kilos ang gagawin. Matapos kasi nilang tumingin kay Lovemir ay titingin sila sa akin at hindi na 'yon maaalis. May ilang magbubulungan at 'yong iba naman ay parang matatawa. Nakakainsulto ang panunuri nila mula ulo hanggang paa, hindi ko maiwasang bumuntong-hininga.

Panay ang pagkutkot sa likuran ng mga daliri ko sa magkabilang kamay. Masyado akong naiilang. Nakakagat ko na ang labi ko nang hindi namamalayan.

"Who's the girl, Lovemir?" sarkastikang tanong ng isa sa mga babae.

Ang mga lalaki naman ang nagbubulungan habang pinapasadahan ng tingin ang kabuuan ko.

"This is Maxpein," sagot ni Lovemir na umurong papalapit sa 'kin. Nagdikit ang mga braso namin. **"She's my classmate,"** malamig niyang dagdag.

Gusto ko sanang lumingon kay Lovemir pero hindi ko na nagawa. Marahil ay dahil inaasahan kong hindi sa gano'ng paraan niya ako ipakikilala. Inaasahan ko ay "friend" ang sasabihin niya.

Hindi nakaligtas sa pandinig at paningin ko ang ilang nagbulungan na naman at natawa. Kung ako man ang nasa sitwasyon ng mga bisita ay baka magtaka rin ako. Para bang walang kaibigan si Lovemir para magyaya ng isang kaklase lang sa ganitong klaseng party. Na walang kakilala maski isa ang isasama niya.

'Tsaka palang bumaling sa 'kin si Lovemir na siyang naging dahilan para mag-angat ako ng tingin.

"They're my old friends and classmates," tipid ang ngiting dagdag niya.

Nilingon ko ang mga bisitang hindi na yata inalis ang paningin sa 'kin. Bahagya akong tumango at nagsalita, **"Good evening, everyone,"** panay pagbati lang ang nasabi ko.

Matapos no'n ay hindi ko na naman malaman kung ano ang gagawin, mga nakatingin pa rin sila sa akin. Lalo akong nahiya. Pakiramdam ko ang tingin nila sa 'kin ay sumama lang para makikain. Sa paraan nila nang pagkakatitig ay para bang palihim nila akong dinudusta. Hindi sa nag-iisip ako nang masama, gano'n lang kasi talaga ang paraan ng pagkakatitig nila. Lalo na 'yong mga babae na mukhang maaarte. Maging si Almeyra ay kakaiba ang tingin sa 'kin.

Nasa'n ka na ba, Sensui?

Gusto sanang tawagan si Sensui para matakasan ang paningin nga mga ito. Pero baka mabastos ang mga kaharap ko ngayon. Hinahanapan ko tuloy ng mali ang sarili ko dahil parang ayaw na nilang alisin ang mga mata sa 'kin.

"Anyway, is there anything that you want to have?" mayamaya'y bumaling sa 'min si Almeyra. **"I prepared a few dishes, might as well see it so you can choose what to eat."**Iminuwestra niya ang daan papalapit sa mas maraming bisita. **"Well, what do we have here?"**

Lalo pa akong nailang, hindi ko gusto ang sitwasyon kong 'to. Nababawasan ang angas ko.

"We have..."

"Almeyra," pinutol ni Lovemir ang pagtitingin niya sa mga nakahanda. **"It's okay."**

"I'm sorry, hindi ko kasi inaasahang may kasama ka," iniangkla niya ang braso kay Lovemir. **"I mean, hindi ko tuloy alam kung paano siyang aasikasuhin."**

Tumingin uli si Almeyra sa 'kin, matamis ang ngiti.

"Ganito kasi kami ni Lovemir," may punto ang pagsasalita niya ng Tagalog, parang may lahi kahit wala. **"I mean, wala nang asikaso-asikaso. Self-service. Gano'n."**

"It's okay," napapahiya kong sabi.

"Go ahead, you can have what you want," itinuro niya uli ang mga nakahanda. Mukhang masasarap ang mga 'yon pero hindi ako makaramdam ng gutom.

Pinanood ko si Lovemir na kumuha ng plate 'tsaka kumuha ng iba't ibang handa. Nagulat na lang ako nang iabot niya sa 'kin iyon. Naasiwa ako nang nanatili lang siyang nakatitig, naghihintay. Wala akong nagawa kundi kunin iyon. Napalunok ako nang makita kung gaano iyong karami. Mag-aangat pa sana ako ng tingin kay Lovemir pero ramdam kong hindi niya rin inalis ang paningin sa akin. Ayaw kong mag-isip nang iba ang mga nakakakita.

Ano bang itinitingin-tingin niya? Hindi naman siya ganyan, ah?

Naiilang ako dahil mukhang wala na ring balak si Lovemir alisin ang paningin sa 'kin. At hindi malabong mapansin 'yon ni Almeyra, ayaw kong mag-isip siya nang iba.

"How about you?" tanong ko. Nakatingin pa rin siya sa 'kin at walang emosyon ang mukha. *Ano bang problema mo?*

"Go ahead and eat," walang emosyong tugon niya.

"I can't finish this alone," mahinang sagot ko.

Tumaas ang kilay niya. **"Mauubos mo 'yan, unti-unti."**

Hindi na ako nagmatigas. Masyadong marami 'yon pero ayaw kong makipagtalo sa kaniya sa harap ni Almeyra.

"So...what do you do?" tanong ni Almeyra. Nagulat ako nang mapagtantong ako ang kausap niya.

"I'm studying," kaswal na sagot ko.

"Hm? College? What are you taking up?"

"High school," paglilinaw ko. Bahagya siyang nagulat 'tsaka muling pinasadahan ng tingin ang kabuuan ko. **"College na next school year."**

"Good for you," muli siyang ngumiti 'tsaka bumaling kay Lovemir. **"So...how did you get to know each other again?"**

Kumunot ang noo ko, napatingin ako kay Lovemir na nakatingin na rin sa 'kin. **"We're classmates, just...like what he said,"** sagot ko habang nakatingin din kay Lovemir.

Napamaang si Almeyra at nilingon si Lovemir. **"High school...huh?"** aniya na hindi malaman kung nagtataka o nalilito. **"You're both in high school."**Tumango-tango siya, mapakla ang ngiti, peke ang tawa. **"So what's your relationship with each other? Well, of course, aside from being high school classmates."**

Kunot-noo akong natawa. **"Wala na. Classmates lang talaga."**

"Kahit...friends, hindi?"

Nalingunan ko si Lovemir na nakatingin pa rin sa akin. **"Maybe?"**patanong kong sagot, nasa kaniya rin ang paningin.

"It's fine with me if you want something more," noon na lang uli ngumisi si Lovemir, titig na titig sa 'kin. Napalunok naman ako. Hindi ko inaasahang sasabihin niya 'yon.

Natinag ako nang pumalakpak si Almeyra. **"Palabiro ka talaga,"** tinapik niya ang balikat ni Lovemir. Na hanggang ngayon, gaya kanina, ay hindi pa rin inaalis ang tingin sa akin.

Gustong-gusto ko na siyang tanungin kung bakit panay ang titig niya. Gagawin ko lang 'yon kung wala ang babaeng 'to. Napipikon ako at naiilang nang sabay. Lalo pa at wala akong magawa. Napakalalim niyang tumitig. At kahit pa magsalita nang magsalita ang katabi ay nakapako sa 'kin ang paningin niya. Sumasagot siya sa mga tanong nito habang nakatitig pa rin sa 'kin. Kaya maging galawin ang pagkaing kinuha niya para sa 'kin ay hindi ko magawa.

Minsan kong nilabanan ang titig niya. Pinagkunutan ko siya ng noo pero tumaas lang ang kaniyang kilay. Talagang hindi ko matagalan kaya sa huli ay ako rin ang sumusuko.

"Anyway, Eerah Anitha is here. She's with someone," sinadyang basagin ni Almeyra ang nakakailang na sitwasyon namin ni Lovemir. **"Well, he's young, decent, neat...hot!"** parang nagbibiro niya pang dagdag.

Pinukol ko siya ng tingin. **"He's my boyfriend."**

"Si Lovemir?" nagugulat, natatawa niyang tugon.

"No," ngumiti ako. **"'Yong kasama ni Eerah."**

"What?" doon lang siya nagulat. Tumango ako. **"Anong tripping 'to?"** mahinang baling niya kay Lovemir. **"You mean, kilala niya rin si Eerah?"** natatawa niyang dagdag. Ang lintik na Lovemir ay nasa akin pa rin ang paningin.

Ano ba ang nangyayari sa 'yo? Bakit panay ang tingin mo? Naiilang na 'ko. Tsk.

"I am Eerah Anitha's best friend by the way," dagdag ni Almeyra, napatango ako. **"We're all friends,"** itinuro niya 'yong mga nasa sala na kasalukuyan nang mga abala sa pagkukwentuhan. **"Lahat kami ay iisa ang pinanggalingan."**

"She doesn't know a lot about us," mahinang sabi ni Lovemir pero nadinig ko. Namilog ang bibig ni Almeyra 'tsaka tatango-tangong tumingin sa 'kin bago muling bumaling kay Lovemir na pinagtaasan niya ng dalawang kilay.

'Yon na ang naging hudyat ko para kunin ang cellphone at tawagan si Sensui. Pero gano'n na lang ang pagkadismaya ko nang hindi niya sagutin ang kabilang linya. Gano'n na lang din ang pagkapahiya ko nang makitang nakatingin na silang pareho sa 'kin. Si Lovemir ay naghihintay kung sasagutin ba ng boyfriend ko ang tawag. At si Almeyra na nakaabang sa patunay na boyfriend ko nga ang kasama ng kaibigan niya.

"Hindi niya na naman sinagot ang tawag mo?" tanong ni Lovemir.

Kumunot ang noo ko. **"Baka naka-silent. Susubukan ko ulit,"** sabi ko.

"Tch," nag-iwas siya ng tingin bago muling itinuon ang paningin sa 'kin.

Tumalikod ako. Nakakailang ang paghihintay ni Lovemir na sagutin ni Sensui ang tawag.

Babe, answer the phone, please...

"Anyway, babalik na ako ng States," dinig kong malungkot na ani Almeyra. **"Mag-jamming naman tayo, oh."**

"When?" sagot ni Lovemir.

"Duh? Eh, di now!"

"I'm not in the mood, Almeyra."

"You're always not in the mood, Lovemir. Mas gusto ko ang boses mo kapag ganiyang wala ka sa mood! Believe me!"

"Tch."

"Please?" pamimilit ni Almeyra. **"Para naman magbago 'yong mood, kanina pa kami kwentuhan nang kwentuhan."**

"Pupuntahan na lang kita bago ka bumalik sa States."

"Para kantahan?" Natawa si Almeyra. **"No way! I want to hear you sing now! Tonight! Para maganda ang tulog ko mamaya."**

Nanlumo ako matapos ang apat na beses na pagtawag nang hindi sinasagot. Naigala ko ang paningin sa kabuuan ng bahay. Bago ko napansing nakatingin na naman sa 'kin si Lovemir, at gano'n din si Almeyra.

"Are you okay?" nakangiting tanong niya Almeyra. Wala akong nagawa kundi ang ngumiti at tumango.

"Hindi niya na naman sinagot?" tanong ni Lovemir.

"Do you know where my boyfriend is, Lovemir?" sinikap kong 'wag ipakita ang inis. **"For sure he's looking for me now."**

"No, sabay tayong nagpunta dito," pabalang niyang sagot 'tsaka bumaling kay Almeyra. **"Where's Eerah?"**

Nagkibit-balikat si Almeyra.**"Susulpot na lang bigla 'yon mamaya,"** umirap na naman siya. **"Kumain ka na lang muna, Maxpein habang hinihintay natin sina Eerah. Okay lang ba 'yon sa 'yo?"**

Hindi! **"Sige,"** wala akong nagawa.

"Great!" akala mo sobrang sayang sabi ni Almeyra 'tsaka hinila si Lovemir.

Ang inaasahan ko ay magpapatiuna na silang maglakad. Pero natinag ako nang bumaling sa 'kin si Lovemir. Kinuha niya ang iniabot sa aking plate. Umangat ang mga balikat ko nang maramdaman ang kamay niya sa likuran bilang pag-alalay. Sinadya kong manguna sa paglalakad para hindi lumapat ang palad niya sa likuran ko pero panay ang pagsabay niya.

Syempre, naagaw na naman namin ang atensyon ng lahat. Pero hindi ko na 'yon nagawang pansinin ngayon dahil masyado akong naguguluhan sa biglang pagbabago ng mga kilos at akto ni Lovemir.

"Have a seat, Maxpein," nakangiting sabi ni Almeyra. Naupo na lang ako at hindi na sumagot.

"Will you be okay?" tanong ni Lovemir na yumuko talaga papalapit sa mukha ko. Napaiwas ako.**"Magkakantahan kami. Ayos lang ba?"**

"Oo," tipid kong sagot. *Ano pa ba ang magagawa ko?*

Bago ko pa mapigilan ang sarili ay naigala ko na ang mga mata. Mga nakatingin na naman sa 'min ang lahat. Gusto kong mapapikit dahil inaalala ko kung ano ang naglalaro sa mga isip nila.

Nasa'n ka na ba, Sensui? Bakit hindi ka sumasagot? Tsk!

Gusto kong mag-alala. Ang inaasahan ko ay hindi ako mapapakali kaiisip kung saan nando'n si Sensui. Pero ang mga ginagawa ni Lovemir ngayon ay

nakaka-distract para sa 'kin. Masyadong naaagaw ng mga kilos niya ang isip at atensyon ko. Dahilan para hindi na ako makapag-isip ng tama.

"Maxpein?"

"Ha?" napapamaang kong sagot nang isigaw ni Lovemir ang pangalan ko.

"Tch!" sinamaan niya ako ng tingin. Nagtaka ako. **"Hindi na,"** biglang sabi niya. **"Dito na lang ako."**

"No, it's okay," itinanggi ko ang parehong kamay matapos niyang umakto na mauupo sa tabi ko. **"Ayos lang, magkantahan na lang muna kayo,"** sabi ko.

"I don't wanna leave you here," seryoso niyang sabi.

Napailag ako. **"Dito ka lang din naman siguro kakanta, 'no?"**

Tumaas ang kilay niya 'tsaka bumuntong-hininga. Inginuso niya ang piano. Nameke ako ng tawa.

"Eh, di ayos lang ako dito," sabi ko na nag-thumbs-up pa. **"I'll watch and listen."**

"Are you sure?"

Wala naman akong choice. Tss. **"Oo,"** nameke uli ako ng tawa.

Matagal bago nagawang alisin ni Lovemir ang tingin sa 'kin. Pakiramdam ko ay noon lang ako nakahinga nang maluwag. Naituon ko pa ang siko ko sa armrest dahil para bang deretsong-deretso ang pagkakaupo at tayo ko dahil sa mga titig niya. Pasimple ko siyang pinanood papalapit sa piano, ang mata ng lahat ay nasa kaniya lang.

Mayamaya ay naramdaman kong nilingon ako ni Almeyra, nakangiti siya sa 'kin nang tingnan ko.

"Do you know how to sing, Maxpein?" malakas niyang tanong, may kalayuan siya sa 'kin, malapit naman sa piano. Nilingon na naman ako ni Lovemir, nagtama ang paningin namin. Nakatingin siya sa 'kin habang inaangat ang fall.

Nag-iwas ako ng tingin at saka bumaling kay Almeyra. Hindi ko maintindihan kung bakit pakiramdam ko ay si Eerah Anitha rin ang kausap ko.

"No," nakangiti kong sabi. **"Pero marunong akong maggitara."**

Nagliwanag ang mukha niya. **"That's nice. Maybe you can join us?"**

Itinanggi ko ang kamay. **"Kayo na lang."**

Wala nang nakapagsalita nang simulang tipahin ni Lovemir ang keyboard. Sinabayan niya 'yon ng pag-pedal gamit ang paa.

"Okay, everyone!" inagaw ni Almeyra ang atensyon ng lahat. **"Lovemir's going to sing for us!"** aniya 'tsaka pumalakpak.

Nilingon ko si Lovemir. Ang buong atensyon niya ay nasa piano na. Hindi man lang nagawang tingnan ang kaibigan niya.

May kung anong haplos akong naramdaman sa dibdib nang tugtugin at kantahin niya ang Kay Tagal ni Rachel Alejandro.

"Oh, my! I love that song!" nagmamadaling ani Almeyra na agad lumapit at naupo sa tabi ni Lovemir. Sumabay sa pagkanta si Almeyra.

Bakit ba? Bakit ba nasasaktan ang puso ko? Hindi ko masabing may gusto ako sa 'yo.

Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang tumingin sa 'kin ni Lovemir nang iyon na ang parteng kinakanta niya. Sinabayan siyang muli ni Almeyra sa huli.

Kumunot ang noo ko, hindi ko maipaliwanag ang paninikip sa lalamunan ko at biglang pagbilis ng tibok ng puso ko.

What the hell are you doing?

Hindi na ito ang unang beses kong marinig ang pagkanta niya, hindi na rin unang beses kong panoorin siya. Pero ngayon lang ako nakaramdam nang kakaibang kaba na may halong hiya. Naiilang ako sa kaniya at mas matindi na 'yon kompara kanina. Ang hindi ko maintindihan ay kung bakit biglang panay-panay ang pagtingin niya. At ang mas kapanipanibago ay tinititigan niya talaga ako at mukhang wala siyang pakialam kung sino ang makakita.

"Let's sing, everyone!" anyaya ni Almeyra.

Tumingin na naman sa 'kin si Lovemir at sa oras na 'yon ay sinamaan ko na siya ng tingin.

Bakit ba nasasaktan ang puso ko? Hindi ko masabing may gusto ako sa 'yo.

Bigla siyang ngumiti sa huli habang nakatingin pa rin sa 'kin.

King inang...tini-trip ba 'ko nito?

Sabay-sabay uli silang nagsipagkantahan. Para bang wala akong naririnig na sintunadong gaya ko. Dahil lahat sila ay magaganda ang boses. Pakiramdam ko tuloy lalo ay hindi ako nababagay sa lugar na 'yon kasama sila.

Ibang-iba ang nadarama ng puso ko sa 'yo, 'di ko na kaya ang umiwas pa sa piling mo. Alam kong mayroon nang nagmamahal sa 'yo. Bakit ngayon ka pa natagpuan sa buhay kong ito?

Bigla ay iniba ni Lovemir ang kinakanta. Nagpalakpakan naman ang mga naro'n.

"Oh, shocks! Why was I not informed that you're going to change the tune!" biro ni Almeyra. Na tinawanan ng nakararami pero hindi nagawang tinagin si Lovemir na patuloy lang sa pagtugtog at pagkanta.

"Wow, ah? Parang iba na 'to!" sabi ng isa sa mga babaeng nasa tagiliran ko na nilingon pa ako.

Malamang ay nakita niya rin si Lovemir na nakatingin sa 'kin habang kinakanta ang bawat liriko niyon.

Hindi ko akalaing kakantahin niya 'yon nang ganoon kaemosyonal. Napapapikit na naman siya at talagang damang-dama ang kanta.

Hindi na iyon ang unang beses na gano'n siya kaemosyonal. Pero ngayon niya lang ginawa 'yon nang sa akin nakatuon ang buong atensyon.

"Wait, stop," pigil ni Almeyra na marahas na inalis ang kamay ni Lovemir sa keyboard ng piano.

Nakita ko kung paanong nagtitigan sina Almeyra at Lovemir. Habang ang mga naro'n naman ay natitigilang gaya ko at nangangapa kung bakit gano'n ang iniasta ng babae. Pero mayamaya lang pakiramdam ko ay alam ko na ang dahilan. Ako.

"What do you think you're doing?" mahinang asik ni Almeyra.

"What, Almeyra?" inosenteng ani Lovemir. Na mayamaya ay biglang ngumisi at muling tumingin sa 'kin.

Nahugot ko ang paningin saka itinuon 'yon sa kung saan. Bigla akong kinabahan. Mukhang tama ang hinala ko. Gaya ko ay naramdaman din at nakita ni Almeyra ang mga kilos niya. At hindi ko maintindihan kung bakit biglang nagkagano'n, agad-agad, ngayon.

Ano nga ba ang trip niya?

Pero hindi ko na muling magawang tingnan si Lovemir, kinakabahan ako at hindi ko iyon maintindihan. Kaya naman wala sa sariling tumayo ako at nakayukong naglakad papalabas.

"Maxpein!" dinig ko ang pagtawag ni Lovemir pero hindi ko na siya nilingon.

This is not right.

Wala akong nararamdamang kakaiba sa sarili ko. Pero hindi ko magawang tanggapin nang gano'n na lang ang iniaasta niya. Alam ko na kung ano ang tawag do'n pero ayaw kong kilalanin. Ayaw kong tanggapin.

At hindi ko maiwasang kabahan dahil maiisip ko pa lang si Sensui ay natatakot na ako.

Nahinto ako bago pa man makarating sa gate at napapikit. Nilanghap ko ang malamig na hangin ng gabi. Hindi ko alam kung gaano iyon katagal pero nang magmulat ako ay tumama ang paningin ko sa sasakyan ni Sensui.

Nangunot ang noo ko. *Babe...* Muli akong nagbalik ng tingin sa bahay at naalalang hindi ko pa siya nakikita. At ngayon ay nagtataka na ako kung bakit sa tagal nang sandaling nanatili ako ro'n ay hindi ko man lang siya nakita. Maglalakad na sana akong pabalik sa loob nang bumungad sa pintuan si Lovemir na animong nagmadali pang makalabas.

"Maxpein..."

"Hahanapin ko si Deib," kunot-noong sabi ko.

Sandali siyang natigilan na para bang may naisip din. **"Are you sure he's here?"**

"Nandito ang kotse niya."

"Then where is he?"

"Kaya nga hahanapin ko," sabi ko 'tsaka ko tinabig siya.

"I'll join you—"

"Hindi na," pigil ko. **"'Wag kang lalapit sa 'kin,"** maangas kong sinabi na naging dahilan para lalo siyang matigilan.

"Maxpein..." Narinig ko pa siyang tumawag pero hindi ko na 'yon pinakinggan.

Tinawagan kong muli si Sensui habang naghahanap/ Tiniis ko ang mga matang naro'n at nakatuon sa 'kin. Hindi naman ganoon kalaki ang bahay na iyon pero kahit kaliwa't kanan na ang tingnan ko ay hindi ko makita si Sensui.

"I thought you're going?" mataray at seryosong ani Almeyra.

"I'm looking for my boyfriend."

"Huh, bakit ngayon lang?" mas mataray niya pang sabi.

"Where is he?" Gusto kong magalit dahil ngayon ko lang naisip hanapin si Sensui. Gusto kong pagalitan ang sarili dahil nagpadala ako sa ginawa ni Lovemir at hindi inalala ang paghahanap sa kaniya.

Kasama niya si Eerah Anitha at hindi ko mapapatawad ang sarili ko kapag may nangyari sa kaniya.

"Please, tell me where he is? Kasama niya ba si Eerah?" hindi ko alam kung bakit may kirot na dulot sa dibdib ko ang simpleng tanong na 'yon.

"At the backyard," kunot-noo at seryosong aniya.

Nanlamig bigla ang mga kamay ko at para akong napako sa kinatatayuan.

Backyard? Ano ang ginagawa nila ro'n?

May mga sinabi pa si Almeyra pero hindi ko na 'yon nagawang pakinggan pa. Tinalikuran ko siya at saka ako nagdere-deretso papalabas papunta sa backyad na tinutukoy niya. Maging ang pagsunod ni Lovemir ay naramdaman ko pero hindi ko na rin nagawang pagtuuanan pa ng pansin. Ang buong atensyon ko ay naro'n sa kubo na natatanaw sa di kalayuan.

Kumalabog sa kaba ang dibdib ko. Hindi ko maipaliwanag kung bakit pakiramdam ko ay bigla na lang akong maiiyak. Alam kong may kasalanan din ako dahil hindi ko siya nagawang hanapin agad. Pero hindi ko alam kung kaninong kasalanan ang hindi pagte-text at hindi pagsagot ng tawag. Sinikap kong alisin ang lahat ng naisip, hindi ito ang tamang oras para magsisihan. Ang tanging nasa isip ko ay ang kaligtasan niya lalo pa at si Eerah Anitha ang kasama niya. Ang taong iniisip na hindi ko napapansin ang mga kilos na ginagawa niya.

Huminga ako nang malalim nang may isang hakbang na lang ang layo ko sa kubo. Tumuntong ako papaakyat sa hagdan niyon at kinapa ang ilaw sa magkabilang gilid. At nang matunton ang switch ay saka ko iyon binuksan.

Nang magliwanag ang kabuuan ng kubo ay doon kitang-kita ko ang kawalanghiyaang ginagawa nila. Nasaksihan ko ang kababuyang ginagawa ni Eerah sa katawan ni Deib. Na noon ay nakapikit at parang gustong-gusto ang ginagawa nila. Hindi man lang sila naabala sa ginagawa nang buksan ko ang ilaw.

Agad na namuo ang luha ko sa biglang pagbugso nang sama ng loob ko.

Mga animal...

"Taguro..." Dinig na dinig kong usal ni Sensui habang nakapikit. Gumegewang ang kaniyang ulo na animong lasing. Damang-dama niya ang kababuyan ni Eerah Anitha sa ibabang bahagi ng katawan niya.

Pero hindi nagawang tinagin ng pagtawag niya ang nararamdaman ko ngayon. Iyon na ang pinakamasakit na bagay na nakita ko. Dahil hindi man ako nasaktan no'n ng pisikal ay nagawa no'ng durugin ang puso ko.

Hindi ko nagawang kumilos, naestatwa sa entrada. Ang mukha ko man ay walang reaksyon at tanging utak ko lang at puso ang nakararamdaman ng galit at sakit.

"Tagu...ro..." Muling usal ni Sensi.

Agad no'ng pinanlabo ang mga mata ko dahil sa sobrang pamumuo ng mga luha.

Inipon ko ang natitirang lakas dahil pakiramdam ko ay noon lang ako nakaramdam nang ganoon katinding panghihina.

"Nandito ako," halos hindi ko na iyon masabi nang tama dahil kung anong bumabara sa lalamunan ko.

Doon natigil si Eerah at nagugulat na tumitig sa akin. Pero hindi ko pa rin siya nagawang pagtuunan ng pansin. Dahil ang mga mata ko ay pinapanood si Sensui na lokohin ako.

"Taguro..."

"Nandito ako...sa harap mo. Malayo sa 'yo," nagsisimula nang tumulo ang mga luha ko.

Noon ay marahang nagmulat ng mga mata si Sensui. At doon din ay napagtanto kong wala siya sa normal na huwisyo. Kung nakainom ba siya o nakadroga ay hindi ko na alam. Hindi ko na magawang isipin dahil kung ano-ano na ang tumatakbo sa utak ko.

"What the fuck, Eerah?" nangibabaw ang hindi makapaniwalang tinig ni Lovemir mula sa likuran ko.

"Lovemi—Maxpein..." Si Eerah.

Hindi ko siya nagawang tingnan dahil natuon kay Deib ang paningin ko. Unti-unti nang lumalaki ang pagkakamulat ng mga mata niya. At nang tuluyan niya akong makita ay gano'n na lang ang gulat niya. Agad na nagtiim ang bagang ko nang magpalitan siya ng tingin sa 'kin at kay Eerah Anitha.

"T-Taguro—" kusa siyang natigilan nang sa pagtayo niya ay nahubo pababa ang suot niyang pantalon.

Salamat na lang sa mahaba niyang polo at natakpan ang hindi dapat makita. Hindi niya halos magawang isuot nang ayos pabalik ang pants. Talagang nga yatang wala siya sa huwisyo. Dali-dali niyang inayos ang sarili at nagmamadaling lumapit sa 'kin. Awtimatiko akong umatras. Natigilan siya at ang kaninang lalasing-lasing niyang hitsura ay unti-unting bumablik sa katinuan.

"Kumusta ang pakiramdam?"puno ng sama ng loob kong tanong habang pinipigilan ang luha.

Hindi ko kailanman naisip na makararamdaman ako nang ganitong klase ng galit sa kaniya. Na noon ay sa kalaban ko lang nararamdaman.

"Nakontento ka ba?" napakasakit para sa 'kin na itanong 'yon. **"Masaya ka na ba dahil sa wakas ay naramdaman mo na ang bagay na gustong-gusto mong maramdaman, ha?"** pasigaw kong sabi dahil sa sobrang galit.

"T-Taguro..." gumaralgal agad ang tinig niya.

Dali-daling pumasok si Lovemir at hinila papalabas si Eerah Anitha. **"What do you think you're doing, huh? What do you think you're doing?"**

Pinahid ko ang mga luha ko. Tinapunan ko nang masamang tingin si Sensui 'tsaka tinalikuran. Halos tumakbo ako papalayo sa lugar na 'yon. Lakad-takbo ang ginawa ko dahil bagaman huminto na sa pagluha ang mga mata ko ay patuloy na sumasakit ang puso ko.

Mahal na mahal kita...pero bakit gano'n?

"Taguro!" dinig ko ang papalapit nang tinig ni Sensui dahilan para lalo akong magmadali sa paglayo.

Pero kamalas-malasang wala akong dalang sasakyan. Kaya naman nang makalabas sa gate ay nagpatuloy lang ako sa paglakad-takbo. Ang tanging gusto ko sa oras na iyon ay makalayo.

"Taguro!" mas naging malapit na sa pandinig ko ang boses niya at wala akong nagawa kundi doblehin ang pagmamadali.

Pero nabigo ako. Nakalimutan ko kung gaano siya katuling tumakbo.

"Taguro, Taguro, Taguro, please! Stop! Talk to me!" gumagaralgal na ang tinig niyang pakiusap, natigil din ako sa paglayo.

Hindi ko nagawang tumingin sa kaniya, nanatili sa kung saan ang paningin ko. Binabawasan ng sakit na 'yon sa dibdib ko ang kakayahan kong magsalita, kumilos at kung ano pa man. Hindi na muling lumuha pa ang mga mata ko, sapat na siguro 'yong iniluha ko habang walang nakatingin, habang solo ko ang masakit na tanawin ng kababuyan nila ni Eerah Anitha. At kahit na anong sabihin ni Sensui ngayon sa harap ko ay hindi no'n magagawang burahin kung ano mang rumehistro na sa isip ko.

"Babe..." Napapikit ako nang sabihin niya iyon.

Huli na bago ko pa napigilan, namuo agad ang mga luha sa mga mata ko. Mabilis. Kasunod no'n ay ang pagpatak ng mga luha sa pisngi ko.

"Babe, I'm sorry," maiiyak na ring aniya. **"Hindi ko alam. Hindi ko sinasadya, babe. Maniwala ka sa 'kin. May...may pinainom siya sa 'kin. Nahilo ako at nawala sa katinuan, babe. Please, maniwala ka sa 'kin.**

Please. 'Wag mo 'kong iiwan," then he started to break down. **"May pinainom kasi siya sa 'ki—"**

Lumayo ako sa kaniya. **"No'ng ginagawa ninyo 'yon, hindi mo alam? Nang nandoon na 'ko 'tsaka mo naramdaman?"** matigas ang loob kong sabi habang pinapahid ang mga luha sa pisngi.

"Babe...hindi ko talaga alam."

"Ano bang klase 'yong pinainom niya sa 'yo, bakit tumino ka no'ng makita mo 'ko?"

"Taguro naman, maniwala ka naman sa 'kin, oh."

Tumulo na naman ang mga luha ko. **"Hindi ko na..."** Sunod-sunod ang naging pag-iling ko. Hindi ko magawang sundan ang mga salita nang muling bumuhos ang sakit at mabigat na emosyon sa dibdib ko. **"Hindi ko na alam ngayon kung ano ang paniniwalaan ko sa 'yo, Sensui."**

Tuloy-tuloy ang pagpatak ng mga luha na agad ko ring pinahid at pilit na pinigilan ang pagpatak ng mga susunod pa.

"Hindi ko alam kung pa'no pa kita tatanggapin matapos no'ng nakita ko."

"Taguro, please, hintayin mo lang na tumino ako, babe, sasabihin ko ang lahat sa 'yo."

"Kung hindi ka matino, alam mo ba kung ano ang nangyayari ngayon?"

"Taguro, please let me explain—"

Sinikap kong pigilan ang galit sa dibdib. **"I don't need your explanation! Alam ko kung anong klaseng kahayupan ang nakita ko."** Sumama ang mukha niya sa sinabi ko. **"At alam ko rin kung sino sa inyo ang hayop,"** pinakadiinan ko ang huling salita sa mukha niya.

"So I guess there's no more room for forgiveness?" nangibabaw ang tinig ni Eerah Anitha mula sa likuran ni Sensui. Hindi ko naramdaman ang paglapit nila ni Lovemir. **"Pero gusto ko pa ring mag-sorry dahil sa nakita mo."**

Hindi ko naitago ang galit. Lumapit ako at ikinabigla niya ang mabilis kong paglapit. **"You're a fucking slut, and a whore—at the same time."**

Napahalakhak siya. **"You don't know me, Maxpein. Hindi ko siya inaagaw,"** mariin niyang sabi, mukhang nagagalit din. **"Siya ang kusang lumapit sa 'kin."**

"Ang kapal ng mukha mo, Eerah! May ginawa ka sa 'kin!" piglas ni Sensui. Walang pumansin sa kaniya. Nanatili ang masamang titigan namin

ni Eerah.

"Kaya sinamantala mo ang pagdikit?" sagot ko sa nagmamalaki niyang sumbat. **"Alam kong gusto mo ang boyfriend ko."**

"Bakit hindi mo siya iningatan kung gano'n? Dahil magaling akong umaligid? Oh, come on! Yes, I'm a bitch, a slut and a whore—all at the same time, Maxpein. Kaya kong aminin sa 'yo ang lahat nang iyan kung iyan ang tingin mo sa 'kin. Hindi mo naman ako paniniwalaan kung sasabihin ko sa 'yong hindi ko intensyong gawin 'yon, 'di ba? Hindi ka maniniwala sa 'kin kung sasabihin ko sa 'yong hindi ko inaasahang mangyayari 'yon sa 'min. Lasing siya." Ngumisi siya nang may pagmamalaki.

"At matino ka," asik ko. Tumaas ang kilay niya at nawala ang ngisi sa mukha. **"Matino ka nang oras na 'yon at siya ay hindi. Pero sinamantala mo pa rin siya. Kaya paano ko paniniwalaang wala kang intensyong sunggaban ang pagkakataon, Eerah?"** hindi ko mapigilan ang sariling mga mata, namasa sila nang kusa.

Tumawa siya habang umiiling, tumingin pa sa iba bago ibinalik ang paningin sa 'kin. **"Nothing lasts forever, Maxpein. Just accept it. He wants something more—something that you cannot give. He's growing up! You're growing...well, old!"**nakakainsulto niyang sabi. Nakakaloko siyang humalakhak. **"Expect the unexpected—"**

Hindi niya na nagawang tapusin ang sasabihin nang bigla ko siyang sapakin. Dahilan para matimbawang siya sa kinatatayuan. Sa ikinilos niya ay mukhang nahilo siya.

"Well I bet you did not expect that?" angil ko 'tsaka siya tinalikuran.

Time to start slapping people, Maxpein. If they deserve to be punched, do it.

Naglakad ako nang naglakad papalayo. Mayamaya lang ay naramdaman ko na naman ang paglapit ni Sensui. At matapos niyang pigilan ang braso ko ay hinigit ko iyon at hinarap siya.

"It may seem as the hardest thing to do..."

"Taguro..." Sunod-sunod siyang napailing. **"No...please."**

"From now on...we're going to ignore each other and you and I don't exist."

Natigilan siya. **"Ano ang ibig mong sabihin?"** maluluha na naman niyang tanong.

Nagpakatatag naman ako. **"I'm breaking up with you."** Matagal ko pa siyang tinitigan bago muling tinalikuran.

Hindi ko na alam kung may sakit pa ba akong nararamdaman. Sa sobrang dami ng nangyari at nasabi ko ay namanhid na ang lahat sa 'kin.

Everything happens for a reason...this is the reason. Dumating ka sa buhay ko para masaktan ako. Ngayon ko lang nalaman ang papel mo sa buhay ko, Sensui.

OceanofPDF.com

CHAPTER 202

MAX'S POV

"YOU BITCH!"

Mula sa likuran ko ay nangibabaw ang sigaw ni Eerah. Naramdaman ko ang mabilis na pag-atake niya pero hindi niya inaasahan ang mabilis kong pag-iwas.

"Who do you think you are to punch me!" sigaw niya at muling sumugod.

Pero lalo niyang ikinagalit ang mas mabilis ko pang pag-iwas. Parang hangin na basta na lang lumalayo sa kaniya. Ang emosyon na meron ako nang sandaling iyon ay dahil pa sa lungkot, lumalayo dahil sa pandidiri sa kakniya. Kapag napalitan ang emosyon kong iyon, hindi ko alam kung aatras pa ba ako upang makaiwas o ibabato na lang siya upang hindi madikit sa akin.

"I'm going to get you!" dinuro niya ako.

Gusto kong pagtawanan ang makaubos-lakas niyang pagsugod. **"Go on,"** matigas ang loob kong sabi. **"May matatanggap kang premyo kung maabutan mo 'ko."**

Noon lang ako nainis sa pagiging kalmado ko. Gusto kong magalit o magwala pero masyado akong nanghihina. Hanggang sa sandaling iyon ay hindi ako makapaniwala.

"Hindi mo magugustuhan ang gagawin ko kapag naabutan kita, Maxpein! Pagsisisihin mo ang lahat! Magsisisi kang pinadapo mo ang kamao mo sa mukha ko!" galit na galit siya, hindi lang iyon mababasa kundi mararamdaman pa. **"You're gonna regret this!"** mariin niyang sabi.

Walang kasindiin ang mga salita niya. Kung iba marahil ang makaririnig ay posibleng matakot. Pero hindi ako. Hindi ako 'yong tipo ng taong pwede niyang takutin gamit ang salita, kahit may hawak pa siyang kutsiyo.

"**Hahabulin kita kahit hanggang sa impyerno, Maxpein Isinusumpa ko!"**

Mabilis siyang sumugod. Hindi niya inaasahan ang pagsalubong ng kamay ko sa kaniyang leeg. Hindi ko na nagawang pigilan ang sarili ko

nang mariin kong pigain ang leeg niya.

"Mapagod ka sa kahahabol kung gano'n, dahil ang mga kasing-hayop mo lang ang makararating do'n," sabi ko saka initsa siya papalayo.

Humandusay siya sa lupa. Hawak niya ang leeg habang masama ang tingin sa 'kin. Ginantihan ko iyon nang mas masama pang tingin.

"'Wag mo 'kong subukan kapag ganitong galit ako, Eerah. 'Wag na 'wag mo 'kong susubukan," mariin kong banta saka ko siya tinalikuran.

"Taguro..."

Sa huling pagkakataon ay hinayaan ko si Sensui na humabol sa 'kin. Nanlalabo na sa galit ang mga mata ko pero naaninaw ko ang lungkot at sakit sa mukha niya.

"Iiwan mo 'ko?" pinipigilan niya nang todo ang maiyak.

"Oo." Ipinakita kong matigas ako.

Kumibot-kibot ang labi niya at matagal bago nakapagsalita. **"Hindi mo na 'ko babalikan?"** gusto kong maasar dahil para siyang bata. **"Babe, hindi mo 'ko babalikan, babe?"**

"Hindi."

"Babe..."

"'Wag mo 'kong lapitan," umatras ako.

Tumitig siya sa 'kin at umiling, pigil na pigil pa rin ang mga luha. Hindi niya magawang ituon sa 'kin nang matagal ang paningin. Hindi ko malaman kung nahihilo ba siya o ano. Ang alam ko ay wala siya sa sarili.

"Taguro, 'wag naman ganito, oh? 'Di ba mahal mo 'ko? 'Wag ka naman magdesisyon agad nang ganiyan." Bigla ay parang hirap na hirap siyang magsalita, animong may sakit na iniinda. Halatang bumibilis ang kaniyang paghihinga, halos magkandautal-utal sa pagsasalita.

Hindi ko nagawang tumugon agad dahil bawat kilos at galaw ng sistema ko ay nakadaragdag sa sakit na nando'n na mismo sa dibdib ko. Pero ayaw ko nang magpakita ng kahinaan sa kaniya. Maski nga siya ay ayaw ko na munang makita.

"Babe..."

"Ang kapal ng mukha mo," mahinang sabi ko habang pilit pa ring nilalabanan ang bugso ng damdamin. Gano'n pala talaga kahirap 'yon. Gano'n pala talaga kasakit. **"Akala ko...naramdaman ko na 'yong pinakamasakit na pwedeng maramdaman ng isang tao. Pero hindi,"** sinikap kong maging matigas, malakas. **"Kasi ang sakit-sakit no'ng**

ginawa mo."Pakiramdam ko ay nagawa kong ibahagi ang nararamdaman ko nang sabihin ko ang linyang iyon. Nang manlaki ang mga malulungkot na mata ni Sensui ay tila naramdaman niya iyon.

"Taguro..." Lumapit siya at bagaman nag-aalinlangan ay sinubukan niyang humawak sa 'kin. Umiwas ako. **"Hindi ko sinasadya."**

"At hindi ko naman inaasahan. Ang laki ng tiwala ko sa 'yo at 'yon mismo ang pinanghahawakan ko, Deib. 'Yon mismo. 'Yon na lang. Pero...'yon mismo ang sinira mo." Hindi ko na napigilan ang sariling maging emosyonal dahil napakasakit na.

"Gagawin ko lahat, babe, babe, babe," pinilit niyang lumapit sa 'kin pero lumayo lang ako nang lumayo. **"Babe...gagawin ko lahat please? Please?"**

Desperadong-desperado na siya sa pagmamakaawa. Hindi malaman kung hahawakan ako o lalapitan, naihaharap ang parehong kamay sa 'kin bago ihihilamos sa mukha. Noon ko lang siya nakitang ganoon. Marahil ay dahil noon lang din niya naramdaman na wala na talaga siyang pag-asa.

"Sorry kung nasaktan kita, babe? Please? 'Wag mo 'kong iwan. Please."

"Hindi dahil ilang beses na 'kong nasaktan ay gagawin mo sa 'kin 'yon nang paulit-ulit," pinigilan ko ang luha, nagtagumpay ako. **"Malakas man ako sa paningin mo, hindi ibig sabihin no'n ay karapat-dapat akong masaktan nang ganito."** Hinayaan ko na lang ang sariling umiyak sa kaloob-looban ko.

"Taguro... Please."

"Tama na."

"Please... I'm begging you. No. Don't leave me. Babe, mahal kita." Umiyak agad siya at ang sakit-sakit pakinggan ng hikbi niya. This is guy is unbelivably torturing me. **"'Wag, babe. Sorry na...sorry...sorry..."**

"Ayoko na," sabi ko 'tsaka tinalikuran siya. Kinagat ko ang labi na para bang iyon ang gripong pumipigil sa pagdaloy ng aking mga luha.

"Taguro, please," humabol siya at yumakap mula sa likuran ko.

Napapikit ako dahil pakiramdam ko ay napakatagal nang panahon mula nang huli niyang gawin sa 'kin 'yon. Nasasaktan ako sa katotohanang umiwas siya sa 'kin at ang lahat ay nauwi ngayon sa ganito. Nananahimik ako at pilit na umiintindi kahit na wala siyang ideya kung gaano ko siya kagustong makasama. Kahit wala siyang ideya sa pakiramdam, lungkot at sakit.

Habang lumuluha ay pilit kong inaalis ang mga braso niyang nakayakap sa bewang ko. Pero dahil sa panghihina at higpit nang kapit niya ay hindi ko nagawang alisin 'yon. Nababuhay ang lakas ko kapag si Eerah ang nakikita pero kapag si Sensui ay nawawala na. Siya lang talaga ang kahinaan ko.

"Taguro, mahal kita...Please, 'wag mo 'kong iwan. 'Wag hiwalay, babe, 'wag hiwalay."

Nasasaktan na ako ngayon pero mas lalo pa akong nasasaktan dahil naririnig ko ang pag-iyak niya. Gano'n yata talaga katindi ang galit sa 'kin ng buhay para pahirapan ako habang nahihirapan na.

"Mahal kita, Maxpein." Isiniksik ni Sensui ang mukha sa leeg ko at doon humagulgol.

"Mahal din kita," mahinang sagot ko, lalong humigpit ang yakap niya. Lalong umiyak ang kalooban ko. **"Pero hindi kita sinaktan nang ganito, Deib,"** mariing sabi ko 'tsaka humugot ng lakas para tuluyang makawala sa yakap niya.

"Babe..."

Pinahid ko ang mga luha saka hinarap siya. **"Please, 'wag mo na muna akong sundan? Hayaan mo na muna ako,"** pakiusap ko. **"Gusto ko munang mahalin ang sarili ko kahit sa gabi lang na 'to."** Natigilan siya. **"Naubos ako masyado sa 'yo,"** mahina kong dagdag 'tsaka muli siyang tinalikuran.

Doon ay nagtuloy-tuloy na ako sa paglalakad, walang hintuan, walang lingunan. Bagaman hindi ko na siya nakikita ay nakarehistro na sa isip ko ang hitsura ng taong mahal ko, na gaya ko ay lubos ding nasasaktan. Kahit hindi ko aminin, sa loob-loob ko ay naniniwala akong hindi niya 'yon sinasadya, mas lalong hindi niya iyon ginusto. Pero hindi ko kayang palampasin na lang nang gano'n-gano'n ang nangyari. Nasasaktan ako sa katotohanang mas pinili niya akong iwasan. Gusto ko siyang sinisihin dahil imbes na ang babaeng iyon ay ako ang iniwasan niya dahil sa makamundo niyang dahilan.

Hindi ko maipaliwanag ang kakaibang awa na nararamdaman ko para sa sarili nang oras na 'yon. Naglalakad nang mag-isa, umiiyak ang kalooban at nasasaktan. Hindi ko kailanman nakita ang sarili ko sa ganitong sitwasyon. Dahil sa oras na 'to ay hindi ako malakas, at 'yong pinagkukunan ko ng lakas ang naging dahilan kung bakit ako nanghihina at nasasaktan.

"Please allow me to take you home." Mula sa tagiliran ko ay sumabay si Lovemir sakay ng sasakyan niya. Mabagal ang pagpapaandar at sadyang

sumasabay sa 'kin. Hindi ako nagsalita, nanatili akong naglalakad at parang nakalutang sa ere. **"Maxpein, please?"** mahihimigan ang pag-aalinlangan sa tinig niya.

Hanggang sa pangunahan niya ang paglalakad ko at ihinto ang sasakyan sa aking harapan. Kinailangan kong tumigil sa paglalakad dahil nakaharang na siya sa daraanan. Tiningnan ko siyang lumabas sa kotse hanggang sa makalapit sa 'kin. At kahit hindi ko lingunin si Sensui ay nararamdaman ko ang mga titig niya sa 'kin, sa 'min. Tumatagos sa isip ko at damdamin.

Wala sa isip at puso ko ang paghihiganti. Sa kabila nang mga nakita at naramdaman ko ay hindi ko naisip na maghiganti kay Sensui, lalo na sa ganitong paraan. Pero pakiramdam ko ay wala akong pakialam ngayon kung ano ang maramdaman niya kapag nakita niya kami ni Lovemir sa ganitong sitwasyon. Sa ngayon ay makasarili ako at kailangan ako ng sarili ko. Dahil wala akong ibang gustong intindihin kundi ang nararamdaman ko.

Lumapit si Lovemir, hindi malaman kung ano ang sasabihin at gagawin. Tumitig kami sa isa't isa. **"Kung alam ko lang,"** mababasa ang pag-aalala sa mga mata niya. **"Kung alam ko lang ay hindi na sana kita pinilit na pumunta dito."** Pero parang wala akong narinig sa sinabi niya.

Nang sandaling 'yon ay hindi na ako makaramdam ng pagkailang sa kaniya. Hindi gaya noong naroon pa kami sa bahay ng mga kaibigan niya.

Kumunot na lang ang noo ko nang muli kong maalala ang kaibigan niya. *Almeyra...* Kusang bumaba ang paningin ko nang mapaisip. *Alam niya ba 'yong ginawang 'yon nina Deib Lohr?* Lalo akong natigilan. *Alam niya kung nasaan sila, hindi malabong alam nga niya.* Agad ay may nabuong sagot sa isip ko, biglang nanigas ang kalooban ko, kunot-noo akong napailing.

Gusto kong magalit. Gusto kong sugurin pabalik ang babaeng iyon sa bahay niya at kaladkarin. Gusto ko siyang saktan at kuwestyonin. Bakit kailangan ganito karaming tao ang gumawa ng paraan para lang ako masaktan? Ano ang kinalaman nila sa amin para sirain kami?

Napakahusay mo, Eerah. Ang galing mong magpaikot. Hindi mo talaga magugustuhan ang lupit ng higanti ko, kaya 'wag kang magkakamali sa 'kin. 'Wag kang magkakamali sa 'kin. 'Wag na 'wag kang magkakamali sa 'kin. Dahil pagdating sa 'yo ay hindi ako magdadalawang-isip sa mga kilos na gagawin ko.

"I'll take you home," sabi ni Lovemir matapos bumuntong-hininga. Napatitig ako sa kaniya. **"Ako ang nagdala sa 'yo dito kaya ako dapat ang maghatid sa 'yo pauwi."**

"Okay."

Nagliwanag ang mukha niya na para bang hindi inaasahan ang mabilis na sagot ko. Matapos matigilan ay nagmamadali niyang binuksan ang pinto at inalalayan akong makapasok. Sa pagkakaupo ay sinikap kong tumingin lang nang deretso sa daan. Dahil sa isang maling lingon ko ay mahahagip ng paningin ko si Sensui. Mula sa gilid ng paningin ko ay nakikita kong nasasalamin siya mula sa side mirror. Nakatayo. Nanonood. Nagtitiis. Nasasaktan. At dahil kilala ako ang sarili ko, kailangang iwasan ko siyang tingnan. Dahil sa bawat patak ng luha, sa bawak hikbing lumalabas sa kaniyang labi, nagagawa niyang tunawin ang puso ko. Nagagawa niyang baguhin ang mga desisyon ko. At kapag nagkataon, makakalimutan ko na naman ang aking sarili.

Hindi nagtagal at pinaandar ni Lovemir ang makina. **"Wala ka na bang gagawin?"** hindi ko inaasahan ang tanong niya. Natinag ako at napalingon sa kaniya. Hindi ko maipaliwanag ang lungkot na nakikita sa kaniyang mga mata. **"Kasi kung wala na ay ilalayo na kita dito,"** sinsero niyang dagdag.

Hindi ako nakasagot. Ang isip ko ay pilit na inaalam ang ibig sabihin ng mga salitang binitiwan niya. Meron siyang pinupunto at 'yon ang hindi ko makuha ngayon. Siya na rin ang hindi nakapaghintay sa sagot ko, pinaandar niya ang kotse at mabilis kaming nakalayo sa lugar na 'yon.

Hindi ko na mapangalanan pa ang nararamdaman. Halo-halo na masyado ang mga iyon para isa-isahin pa. Parang gusto ko na nga lang ay mamanhid bigla. Kahit isang buong araw lang ay gusto kong wala akong maramdaman at maalala na kahit ano.

Inihilig ko ang ulo at tumingin sa labas. Natulala ako sa kung saan at hindi na nga nagawang makapag-isip ng utak ko. Ang gusto ko lang sa ngayon ay makauwi at matulog. 'Yon lang ang pagtakas na alam ko.

Pero mukhang nananadya ang panahon. Gabing-gabi na pero mahaba pa rin ang traffic bago pa man kami makarating sa boundary ng mismong lugar namin. Naramdaman ko ang paulit-ulit na paglingon sa 'kin ni Lovemir. Kasunod no'n ay bigla na lang siyang umibis ng kotse at nakipag-usap sa driver ng kaharap na sasakyan. Hindi ko pa rin siya nililingon hanggang sa makabalik siya.

"May banggaan daw," balita niya. Wala akong mahitang interesanteng bagay ro'n. **"At mukhang matatagalan bago umayos ang magkabilang**

linya kasi sa gitna raw nakaharang. Ang haba ng traffic," mahaba niyang sabi pero wala akong inintindi.

Hindi ako nagsalita. Naramdaman kong nasa akin pa rin ang paningin niya. Narinig ko na lang na bumuntong-hininga siya at biglang iminaniobra ang sasakyan. Kung saan niya ako balak na dalhin ay hindi ko alam. Hindi ako makaramdam ng takot o ano dahil okupado pa rin ang isip ko. Basta na lang uli ako tumingin sa labas hanggang sa makarating kami sa isang lugar na noon ko lang napuntahan.

Bigla ay umayos ako sa pagkakaupo nang unti-unti ay naging malubak ang daan. Pinaghalong damo at bato-bato ang dinaraanan ng sasakyan. Madilim pero maaaninag ang maliliit na ilaw mula sa malalayong bahay at tahimik na puno mula sa sinag ng buwan. Mabagal ang pag-andar ng sasakyan kaya nagawa kong tanawin ang nasa harapan. Dahil mababa na ang mga bagay na natatanaw ko ro'n ay hindi malayong maisip kong bangin ang nasa dulo niyon. May dalawang malalaking puno sa magkabilang gilid at bago pa man kami tuluyang makalapit ay inihinto niya na ang sasakyan.

Nando'n pa rin ang paningin ko nang muli ay maramdaman ko ang paglingon niya. Bumuntong-hininga pa muna siya bago nagsalita. **"Dito ako pumupunta kapag hindi maganda ang pakiramdam ko."**

Tahimik at nakangiti niyang iginala ang paningin sa paligid. Saka siya nagbaba ng tingin sa mga kamay at bumuntong-hininga. Tinanaw ko ang maliliit at iba't ibang hugis, kulay at sukat ng mga ilaw.

"Hindi ko inaasahan 'yong ginawa mo kay Eerah kanina, hindi ko maiwasang humanga," sa paraan niya ng pagsasalita ay batid kong nakangiti siya.

Nangunot ang noo ko habang nakatuon pa rin sa maliliit na ilaw na 'yon sa ibabang parte ng lugar. Malayo at parang kumikinang sa paningin. Narinig kong alisin niya ang buckle ng seatbelt niya. Nagulat na lang ako nang dungawin niya ako para tanggalin naman ang sa 'kin. Doon ay nagtama ang paningin namin. Hindi ko maintindihan kung bakit nagawa kong sundan ang mga mata niya habang papalayo ang mukha niya sa 'kin. Hindi ko rin maintindihan kung paanong naging komportable siyang lumapit nang ganoon sa akin. Lalong hindi ko maintindihan kung bakit hinayaan ko siya.

"I know you're not okay, no need to ask because it's obvious," bahagya ang ngiti niya. **"I don't think you'll allow me to hug you so I'll just stay here...beside you."**

"Why are you doing this?" malamya kong tanong, kunot na kunot ang noo.

"You mean...why am I here?" parang matatawa siya ngunit nagpigil. **"I'm not here just because I'm trapped here or what."** Ngumiwi siya at saka ngumiti. **"I just want to be here for someone, that's one of the easiest thing to do."** Mabagal siyang magsalita. **"Besides, I know what it's like having no one."**

Matagal na naman siyang tumitig sa 'kin matapos sabihin 'yon. At sa kauna-unahang pagkakataon ay parang siya ang nailang dahil nagawa ko 'yong labanan.

"Well, I'd rather be here with you than anywhere else. I think a lot when I'm alone, Maxpein. It's better to have someone to share your thoughts to."

Nalilito na naman ako. Hindi lang sa ikinikilos niya kundi sa nararamdaman ko para sa kaniya. Hindi ko maramdamang masamang tao ang kasama ko ngayon. Pero nag-aalala ako masyadong baka nagkakamali lang ako. Dahil kung gano'n kagaling magtago si Eerah ay hindi malayong pareho sila. Hindi mawala sa isip ko ang koneksyon nilang dalawa. Iyon ang nagbibigay sa 'kin ng hesitasyong paniwalaan ang pakiramdam ko.

"At alam ko kung gaano kasakit ang pakiramdam matapos mong makakita at makarinig ng bagay at sitwasyon, na hindi alam ng taong mahal mo, na posible palang ikadurog ng puso mo."

Seryoso siya at may malalim na pinaghuhugutan nang sinasabi dahil hindi gaya kanina. Tumatagos na sa 'kin ang kaniyang paningin habang nagsasalita. Na para bang may binabalikang alaala na siya lang ang nakakakita.

"May mga tao kasing iniisip na kaya ka malakas ay hindi ka nakararamdam ng sakit. Ang hindi nila alam, kaya tayo naging malakas ay dahil tayo mismo ang nakaramdam ng sakit. Tayo ang nakaintindi at tayo ang nakatanggap."

Alam kong iyong naramdaman niya kay Eerah Anitha ang tinutukoy niya at siya ring pinatutungkulan niya. Hindi ko na nagawang sumagot. Bigla ay naramdaman kong naiintindihan niya ang nararamdaman ko. Sa oras na 'to ay hindi ko yata kayang mag-isip nang gano'n kalalalim na pakiramdam. Kaya hindi ko magawang tanggihang pakinggan ang mga salita niya dahil sumasang-ayon 'yon sa kung anong nararamdaman ko ngayon.

"Nasasaktan din sila, oo," patuloy niya na bahagya pang ngumiti. Pero hindi nagawang umabot ng ngiting 'yon sa mga mata niya. **"Pero parang tayo 'yong patuloy na nasasaktan. You're human. You feel pain. So nobody has the right to make you feel that you're not."**

Nananatiling tumatagos sa 'kin iyong paningin niya. Nakatingin siya sa mga mata ko pero parang napakalalim ng tingin niya dahilan para hindi no'n magawang matuon, mata sa mata. At nakakalokong nakikita ko ang sakit na pinagdaraanan niya.

"Gigising ka sa umaga para maghanda sa araw na 'yon habang tinitiis ang sakit. Sa hapon ay kailangan mong manatiling gising at kumikilos habang nararamdaman ang sakit. Sa gabi naman ay kailangan mong gumawa ng paraan para makatulog sa kabila nang paulit-ulit na sakit. Nakakaloko," pekeng-peke ang tawa niya.

Nanatili akong nakatitig lang sa kaniya at ninanamnam ang bawat salitang binibitiwan niya. Bigla ay parang gusto kong mahiya dahil mukhang mas malalim ang sakit na pinagdaanan niya kaysa sa nasaksihan niya sa 'kin kanina.

Nakalimutan mo yatang hindi lang si Sensui ang nandoon, Maxpein. Nandoon din si Eerah Anitha. Nandoon din ang asawa niya. At hindi imposibleng nasaktan din siya. Baka nga kompara sa iyo ay higit siya.

"Alam mo bang hindi ko nabilang ang unan na hiningan ko ng sorry dahil binasa ko sila gabi-gabi?" bigla siyang nagbiro. Hindi ko naman nagawang tumawa. Sumeryoso siya at muling tumitig sa 'kin. **"'Wag mong pigilan 'yong sakit, 'wag mo hayaan na maging manhid ka. Kasi mas masakit 'yan kapag naramdaman mo ulit."**

Hindi ko alam kung bakit hindi ko pa rin magawang makapagsalita. Pakiramdam ko ay naging makasarili ako nang oras na 'yon. Kung naging masakit para sa 'kin na makita si Deib Lohr sa gano'ng sitwasyon ay hindi malayong gano'n din siya. Lalo pa at asawa niya iyon. Kahit pa nilayuan siya ni Eerah Anitha, kahit pa sinabi niyang siya naman ngayon ang lumalayo sa babae, hindi malabong nasasaktan pa rin siya dahil sa nakita. Hindi kataka-takang manatili ang pagmamahal sa isang tao, mabawasan o pagsawaan man 'yon.

"Ang mas masakit pa ro'n ay siya lang din ang dahilan para mawala ang sakit na nararamdaman mo pero hindi mo alam kung paano siyang tatanggapin ulit."

Kunot na kunot ang noo niya. Nasaksihan ko kung paanong namuo ang mga luha sa mga mata niya na dali-dali niyang pinahid.

"I'm sorry," nameke siya ng tawa. **"This isn't about me, right? This is about you. Hindi dapat ako ang nagsasalita ng ganito,"** iiling-iling na aniya na iniiwas ang tingin sa 'kin.

"It's okay," pabuntong-hininga kong sagot.

Inihilig niya ang ulo, tumingala at saka pumukit. **"Sometimes when I close my eyes I wish that I can end the pain and just fell asleep."**

"She doesn't deserve you." Hindi ko alam kung saan nagmula ang isinagot ko.

Bigla siyang nagmulat at dahan-dahang napalingon sa 'kin. **"Because I deserve someone better?"** nakangiti niyang tanong. **"Someone who's willing to risk everything for me?"** mas naging natural na ang pagtawa niya. **"Yes, maybe that's what it should be. But I'm old enough to know what I want, to get who I want. I don't want someone better because at that certain time she was the better person who's willing to risk everything for me, the one who I really wanted."**

"But everything is different now."

Tumahimik siya sandali at nakangiting tumitig sa 'kin. **"What I deserve is a beautiful life, Maxpein. And in my life I don't care who is deserving. Who deserves me—this and that—does not matter to me. What matters is who felt the same thing as I'm feeling whether we deserve each other or not. That's how I understand love."**

Grabe...napakalalim niya. Natigilan ako at hindi napigilang mamangha. Akala ko ay ako ang tama pero nang makuha ko ang punto niya ay mukhang wala siyang pagkakamali. Baliktad man ang paniniwala niya ay kakikitaan iyon ng tama. Matindi siya magmahal, 'yon ang naintindihan ko ngayon.

Hindi ko na magawang pigilan pa ang nararamdaman ko. Awtomatikong huminto ang pag-aalinlangan ko. Naniniwala ako sa taong nasa harap ko ngayon pero hanggang doon na lang muna siguro iyon. Huminga ako nang malalim at tinitigan siya. Pinagmasdan ko ang kabuuan ng mukha niya at bawat sulok niyon ay pawang pait at sakit ang makikita. Hindi mahalaga sa 'kin ngayon kung magkaiba kami ng dahilan dahil naiintindihan kong pareho kaming nasaktan at nasasaktan.

"I should take you home," desisyon niya at saka muling dumungaw sa 'kin at ikinawit ang seatbelt ko. Walang sali-salitang binuksan niya ang

makina at pinaandar ang sasakyan.

Wala nang namutawing salita sa pagitan namin. Pareho nang okupado ang mga isip namin sa magkaiba ngunit may koneksyong bagay. Kung ano ang tumatakbo sa isip niya ay hindi ko na inintindi. Nagpapasalamat na lang ako dahil may katulad pa rin pala ako, bagaman hindi no'n nagawang baguhin ang nararamdaman ko. Ang mahalaga ay merong taong nanatili sa tabi ko ngayon, kilala ko man o hindi masyado.

Hindi ko alam kung gaano katagal kaming nagbyahe. Namalayan ko na lang ay nasa harap na kami ng mansyon. Humarap ako sa kaniya at bago pa man siya makakilos ay inalis ko na ang seatbelt ko. Mataman ko siyang tiningnan sa kabila nang nakakunot niyang noo. Bumuntong-hininga ako at bahagyang ngumiti.

"Para akong sumakay sa rollercoaster ngayong araw," pilit na biro ko. **"Kakaiba ang pakiramdam."**

"At ako ang kasama mo?" nakataas ang kilay niya, natawa lang ako. **"Next time, Ferris wheel naman,"** dagdag niyang biro. **"Hindi ko na tatanungin kung kumusta ang lagay mo pero kung kailangan mo ng kasama ay nandito lang ako."**

Kumunot ang noo ko. **"May mga kaibigan ako."**

"Makikipagkaibigan ako sa 'yo. Para isa na ako sa maasahan mo."

"Hindi kita kayang tanggapin bilang kaibigan ngayon, sana ay maintindihan mo."

"Okay lang, hindi naman ako ganoon kadaling mapagod."

Sandali akong natigilan. Pakiramdam ko ay hindi pa rin siya tapos humugot sa nakaraan. Matindi talaga siyang masaktan. **"Salamat sa oras mo,"** sabi ko saka binuksan ang pinto at bumaba.

"Maxpein," papalayo na ako nang muli niyang tawagin. Nilingon ko siya ulit. **"Nasa likod mo lang ako, nakamasid sa 'yo at handang tumulong kapag kailangan mo."**

Lalong nangunot ang noo ko, bigla ay parang binabago na naman niya ang tingin ko sa kaniya. May kung anong kahulugan iyon na nakapagpapakaba sa 'kin. Iyong kaba hindi dahil natatakot ako sa kaniya. Kundi iyong kaba na baka madismaya ako dahil nagkamali ako sa totoong pagkatao niya.

"'Wag mong kalilimutan ang sinabi ko," aniya at saka pinaandar ang sasakyan papalayo. Naiwan akong nakatanaw sa sasakyan niya at nalilito, pilit na iniintindi ang mga huli niyang sinabi.

DEIB'S POV

Gusto ko na lang bumagsak sa lupang kinatatayuan ko ngayon. Wala akong pakialam kung semento man 'yon o mabato. Masaktan man ako ay hindi na mahalaga. Gusto ko lang na malugmok dahil walang katumbas ang sakit at galit na nararamdaman ko. Sakit hindi lang para sa 'kin kundi para sa 'min ni Taguro. Galit hindi lang para sa 'kin kundi para sa mga taong pinaglalaruan ang mga inosente naming damdamin.

Napakasakit, hindi lang dahil sa nangyari at pakikipaghiwalay sa 'kin ni Taguro. Masakit dahil hindi ko alam kung ano iyong ipinainom ni Eerah Anitha sa 'kin. Hindi na naging normal ang tibok ng puso ko mula pa kanina. At dahil sa sakit nang pangyayaring ito ay lalo iyong nagiging abnormal, bumibilis at biglang bumabagal. Mananakit at bigla na namang mamanhid. Natatakot ako na anumang oras ngayon ay biglang umatake ang sakit ko. Hinihiling kong sana ay hindi na maramdaman ang sakit. Iyong basta na lang matumba at mawalan ng malay.

Para akong mababaliw nang sabay-sabay na tumakbo ang mga pangyayari sa utak ko. Napahawak ako sa ulo ko dahil agad ay parang nanakit 'yon. Kung ano-anong namuong tanong sa isip ko, at ang mga alaala sa mga pangyayari ay tila kasagutan sa mga iyon.

~FLASHBACK~

Sino ka? Matagal na napako ang paningin ko sa pwestong iyon sa harap ng bintana kung saan ko nakita ang anino ng nakatayong lalaki. Hindi ko maipaliwanag ang kilabot na idinulot sa 'kin nang tingalain ko ito kanina. 'Yong pakiramdam na kahit hindi ko nakikita o naaaninag man lang ang mukha niya ay alam na alam ko at nasisiguro kong sa akin siya nakatingin.

"Deib Lohr!" dinig ko ang impit at hirap na hirap na pagtawag ni daddy habang may busal pa rin ang bibig. Doon lang uli ako natinag.

"Mom! Dad!" Patakbo akong lumapit sa kanila.

Kinalagan kong una si daddy 'tsaka ko inalis ang busal sa bibig niya. Ang sumunod ay si mommy at saka palang si Manang. Puno ako ng kaba, nanghihina at nanginginig ang mga tuhod at kamay.

"Ayos lang ba kayo?" natutuliro kong tanong. **"Ano ang nangyari? May nasaktan ba sa inyo?"** sunod-sunod kong tanong.

Humahangos namang tumayo si daddy para tingnan sina mommy at Manang. Saka siya lumapit sa 'kin at hinawakan ako sa magkabilang balikat. **"Are you okay, son?"**

"I am fine. Are you okay? What happened?"

"I'm okay. We're okay," nangungumbinsi ang tinig niya, hindi ko malaman ang magiging reaksyon. Inihawak niya sa bawang ang isang kamay habang ang isa naman ay nasapo ang kaniyang noo. **"Hindi ko na maintindihan ang mga pangyayaring ito, why is this happening to us?"**

"Dad," lumapit ako.

"Pakiramdam ko kanina ay napakalapit ko na sa kamatayan. Bakit kailangang iparamdam nila sa akin ito? Pakiramdam ko ay napakainutil ko! Napakawalang-kwenta kong ama para hindi maproteksyonan ang sarili kong pamilya."

Agad na naging emosyonal si daddy. Bago pa man ako makapagsalita ay agad na siyang bumaling sa umiiyak nang si mommy. Hindi ko malaman ang gagawin, ang takot ay hindi mawala sa akin.

"Come here, Lacey," inalalayan ni daddy ang asawa patayo saka ito niyakap. **"I'm sorry I wasn't able to do anything. I'm sorry if I'm not capable of protecting this family. Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko kung may masamang nangyari sa inyo. God, sumosobra na ito. Sobra-sobra na!"**

"Lohrton, natatakot ako," humahagulgol na sagot ni mommy.

Pakiramdam ko ay iyon na ang pinakamatinding problemang hinarap ng pamilya namin at nararamdaman ko maging ang takot nila. Wala kaming paraan. Maging ang batas ay hindi kami masolusyunan.

"Natatakot ako hindi para sa akin o sa 'yo kung hindi para sa mga bata. Bakit kailangang mangyari nito sa atin? Kung ang mga sarili natin ay hindi natin magawang proteksyonan...paano pa sila?"

"Sshh, sshh," pagpapatahan ni daddy habang hinahaplos sa buhok si mommy. Hinayaan niya lang na umiyak nang umiyak si mommy habang sumusulyap kay Manang na mukhang nangangatal pa rin sa takot.

Gustong sumabog ng galit sa dibdib ko pero hindi ko alam kung saan ako dadalhin ng galit na iyon. Wala kaming laban. Wala kaming ideya. Napakahirap mangapa! Hindi namin alam kung bakit nangyayari ang mga ito sa amin. Wala kaming ideya kung paanong lalaban o kung meron man, paano?

Bakit ba hindi na lang nila kami deretsuhin sa gusto at kailangan nila? Bakit kailangan pa nilang ipadanas sa 'min ang ganitong hirap at takot? Ngunit bigla akong natigilan sa pag-iisip. *Si Eerah...* Naihilamos ko ang palad sa mukha ko 'tsaka ko dali-daling tinalikuran ang pamilya ko.

"Deib Lohr! Where are you going?" pasigaw na habol sa 'kin ni daddy.

"My god, Deib Lohr, anak, please don't go anywhere!" naghihisteryang ani mommy. **"Papatayin mo ako sa nerbyos, anak!"**

"I am not going anywhere," hindi ko naitago ang pagtitiim ng bagang ko. **"May tatawagan lang ako."**

"Hindi ka pwedeng tumawag ng mga pulis ngayon, Deib Lohr. That guy warned me, us! Nakikiusap ako sa 'yo, anak, kailangan ko ngayon ang pakisama mo."

Lalong nag-igting ang galit sa dibdib ko. *Ginagawa ninyo kaming mga baldado. Wala kaming kalaban-laban sa inyo. Paano ninyo nagagawa 'to? Anong klaseng mga demonyo kayo?* **"Trust me, dad, may kailangan lang akong tawagan,"** seryoso kong sinabi, nagmamatigas.

'Tsaka ko sila tuluyang tinalikuran. Narinig ko pa ang pagtawag ni mommy pero hindi ko na sila pinakinggan. Dumeretso ako sa kwarto at tinagawan si Eerah.

Namura ko agad siya nang sagutin niya ang kabilang linya. **"What the hell do you want?"**

"Lohr—wait, what?" naguguluhan niyang tugon.

"Napakagaling mo talagang umarte, Eerah Anitha," pagpipigil ko sa galit.

"What the hell, Lohr?"

"What the hell, Eerah!" asik ko. **"My family doesn't deserve this!"**

"I don't know what you're saying!"

Gusto kong matawa. **"Napakasinungaling mo."**

"Sabihin mo sa 'kin kung ano ang ikinagagalit mo!"

"Pinasok ang bahay namin," kaswal pero mariin kong sinabi. **"What can you say about that, huh?"** 'tsaka ako nagpakasarkastiko. **"Pinasok ang bahay namin at iginapos ang pamilya ko, binusalan ang bibig at tinakot?"** napamura uli ako sa galit. **"What the hell do you want? Kung may kailangan kayo—bakit hindi ninyo pa sabihin nang maibigay namin? Bakit kailangan ninyo pa kaming takutin at unti-unting patayin?"**

"What?" hindi makapaniwalang tanong niya. Pero lalo lang akong nagalit nang dahil doon. Napakagaling niyang umarte at magpaikot. **"I don't know what you're saying!"**

"Simula nang dumating kayo sa buhay namin ay nagkagulo na! Magmula nang magkrus ang landas natin ay kung ano-anong kamalasan na ang idinulot mo sa 'kin at hindi ka pa

nakontento—idinamay mo pa ang pamilya ko!" humahangos akong napatiim-bagang. **"Kung ginagawa mong biro ang buhay namin, Eerah Anitha, hindi na kami natutuwa!"**

"Lohr, calm down! I want to see you now! Let's talk—"

"No!" singhal ko. Gusto ko na namang matawa, napailing ako sa sinabi niya. **"Ganito ba ang gusto ninyo? Ang gawin kaming sunud-sunuran sa mga sasabihin ninyo? Matapos ninyong takutin ang pamilya ko, uutusan mo 'kong pumunta sa 'yo ngayon?"** Napamura na naman ako. **"Ano 'to? Ipapain ko ang sarili ko sa 'yo? Ano ako, bobo?"**

Gustong-gusto kong sumigaw. Pero maririnig ako ng pamilya ko kapag nagkataon.

"Hindi ko iiwan ang pamilya ko ngayon dahil t'wing malilingat ako ay doon umaatake ang pamilya mo. Ano ang kasalanan namin sa inyo? Bakit hindi mo na lang sabihin sa 'kin para naman may magawa ako!"

"Lohr—"

"Putsa naman, Eerah!" nanggigigil ako. **"Hindi ka patas!"**

"Lohr! I said calm down!"

Muli ko siyang minura na nakapagpatahimik sa linya niya. **"Ganyan na lang ba parati ang masasabi mo? Ang kumalma ako matapos kong magalit dahil sa mga kababalaghang ginagawa ninyo?"** hindi ko na mapigilan pa ang galit.

"Wala akong alam sa nangyari, you understand? Hindi ko alam kung ano ang nangyari dahil kung alam ko ay kilala mo ako!" nanunumbat niyang sabi. **"Minsan ko nang inilagay sa peligro ang buhay ko para lang maisalba ka, Lohr!"**

"Stop giving me those bullshits, Eerah! Alam kong may kinalaman ka dito. Alam kong alam mo kung ano ang nangyayari sa 'kin at sa pamilya ko. Alam mo ang lahat nang kababalaghan sa paligid ko. Enough of your bullshits, Eerah! Sabihin mo na sa 'kin nang deretso. What do you want from us?"

"Lohr! This isn't something na pwedeng pag-usapan sa telepono."

"What do you want from us?" mas malakas ko nang tanong.

Hindi agad siyang sumagot. Maririnig ang mabilis niyang paghinga mula sa kabilang linya. **"Layuan mo ang mga Moon."**

"What?" hindi makapaniwalang tanong ko. *Layuan ang mga Moon?* **"At ano ang kinalaman nila dito? Ang bobo mong sumagot,"** inis kong dagdag.

"Just do it!" nagmamatigas at mariing sabi niya.

Sandali akong natigilan at napaisip. **"Sino ba talaga sa 'min ang kailangan ninyo? Kami ng pamilya ko o ang mga Moon?"** Hindi siya sumagot. **"Pinaglalaruan ninyo ba kami? "**

"The reasons are dangerous and you're not intelligent enough to understand! Sinabi ko na sa 'yo, Lohr at ngayon ay uulitin ko. Layuan mo ang mga Moon—lalo na si Maxpein!"

Dangerous? Ha! Hindi ako nakasagot. Naiwan akong nakamaang at litong-lito at lalo pang nalilito.

"I don't understand you," kunot-noo akong umiling. **"Hindi mo 'ko nabibigyan nang tamang rason kung bakit nangyayari ang mga ito. Puro ka utos! Tapos inaasahan mong susundin ko na lang basta ang sinasabi mo?"**

"I already explained it to you, Lohr. And all you gotta do is trust me."

"Do you really understand the word trust, Eerah? You are not a human! Paano ko pagtitiwalaan ang isang tulad mo na hindi naman tao? Tinatanong kita kung ano ang kailangan ninyo sa pamilya ko, bakit ninyo kami ginaganito? Natatakot na ang pamilya ko at inilalagay ninyo kami sa sitwasyong wala kaming kalaban-laban. Pinaglalaruan ninyo kami. Is it us or the Moon family?"

"Lohr—"

"I need you to answer my question now, Eerah. And God knows how angry I am right now. 'Wag mo 'kong piliting puntahan ka dahil baka kung ano pa ang magawa ko sa 'yo. Sino ba ang puntirya ninyo talaga? Kaming mga Enrile o ang mga Moon?"

"Pareho."

Hindi ako nakasagot. *Pareho?* Nabuhay bigla ang takot sa dibdib ko. **"At gano'n kalaki ang atraso namin sa inyo para umabot ang lahat sa ganito?"**

"Hindi ko sasagutin ang tanong mo," seryoso na ang pananalita niya.

"Bakit?"

"Hindi ko sasagutin ang tanong mo," ang tono niya ay nagmamatigas na.

"At gusto mong pagtiwalaan kita?" kunot-noo kong tanong.

"Oo," seryoso niyang sagot.

Minura ko siya. **"Sinong inulul mo, ha? Damn you!"** singhal ko.

"Deib Lohr?" dinig ko ang nagmamadaling tawag ni daddy dahilan para mapatalikod ako.

"At may hihigit pa sa mga nangyayari ngayon, Lohr," dagdag ni Eerah. Dahilan para matuliro ako sa kung ano ang dapat na gawin, ang harapin si daddy o magpatuloy sa pakikinig sa kaniya. **"Mapipigilan mo ang lahat nang iyon kung susundin mo 'ko at makikisama ka sa 'kin."**

"Hindi ako magtitiwala sa 'yo. Lalayuan ko ang girlfriend ko at ano? Sasama ako sa 'yo? Sira-ulo mo. Hindi ikaw kundi siya ang higit na makatutulong sa 'kin, Eerah, 'wag mo 'kong paikutin," dumuro-duro pa ako sa kung saan habang mariing isinisinghal iyon kay Eerah. **"Gagawa kami ng paraan para lumaban. Hindi ninyo kami tuta, Eerah Anitha. Hindi. Lintik lang ang walang ganti,"** mahina at mariing singhal ko.

"Sige," naghahamon ang tinig niya. **"Hihintayin ko kung ano ang magagawa mo. Buhay ni Maxpein ang kapalit ng ipaglalaban mo,"** aniya 'tsaka ibinaba ang linya.

Nanlaki ang mga mata ko. **"E-Eerah? Eerah!"**

"Deib Lohr? Where are you?" dinig ko ang paglapit ni daddy, dali-dali kong itinago ang cellphone. Eksakto namang pumasok siya sa kinaroroonan ko. **"Sino ang kausap mo?"**

"Just..." Naimuwestra ko ang kamay sa kakulangan nang maisasagot.

"Umakyat ka na sa 'taas, isasara ko na ang mga pinto," maawtoridad niyang utos. At dahil sa pagkatuliro ay wala akong nagawa kundi ang sumunod.

~ END OF FLASHBACK ~

Pero hindi doon natapos ang kahayupan ni Eerah Anitha. Ang dahilan kung bakit niya ako napapayag na pumunta dito ay dahil sinabi niyang may ginagawang hindi maganda sina Lovemir at Taguro. Hindi ko na nagawang mag-ayos ng damit, kung ano na lang ang naisuot ko. Pero nang makarating kami rito ay hindi ko na namalayan ang mga sumunod na nangyari.

Kunot na kunot ang noo ko, pilit na inaalala at iniisip kung paano iyong nangyari. *Nang makarating ako...* Hindi ko ininda ang sakit ng ulo at dibdib ko. *Kailangan mong maalala ang nangyari, Deib Lohr! Kailangan mong maalala ang nangyari!* Pilit kong inalala ang sandaling natatandaan ko pa. Kung saan nagmamadali akong bumaba ng kotse matapos matunton ang address na ibinigay ni Eerah Anitha.

Nang makapasok na ako sa pinto ng bahay na 'yon, bigla nila akong hinarang—oo! Natatandaan ko na! Hinarang nila ako! Pero halos

maihilamos ko ang kamay ko sa aking mukha nang matapos no'n ay wala na naman akong naalala. Para akong mababaliw. Nananakit ang ulo ko sa sobrang pag-iisip pero kailangan kong gawin 'to. *Kailangan mong mag-isip, Deib Lohr! Mag-isip ka! Gumana kang lintik na isip ka! Pagkapasok ko, anong ginawa ko? Anong nangyari pagkapasok ko?*

Parang nag-flashback agad sa isip ko ang nangyari. Napatitig ako sa kung saan, bahagyang nakamaang at salubong na salubong ang mga kilay. Nagawa ko nang matandaan kung paanong hinarang ako ni Eerah Anitha at ng kaibigan niyang si Almeyra. Pinalibutan ako ng iba pa nilang kasama at sapilitang pinainom ng isang baso ng alak.

At pagkatapos no'n... Para akong nanonood ng palabas sa isip ko, at hirap na hirap man ay sinikap ko iyong alalahanin sa kabila nang sobrang hilo. *Pagkatapos no'n ay wala na akong matandaan. Ang sumunod na nangyaring naaalala ko ay 'yong...* Gusto kong mapasigaw nang sa wakas ay naalala ko ang lahat at pagkakasunod-sunod no'n. *Napakahayop mong babae ka!* Sigaw ko sa isip matapos maalalang ang sumunod na nangyari ay iyong sandaling nasaksihan na ni Taguro.

"Lohr—" Bago pa makalapit si Eerah ay hinarap ko na siya.

Hindi ko na nagawang pigilan pa ang sariling dakmain ang panga niya. At dere-deretso siyang itulak hanggang sa tuluyan siyang masadlak sa pinto ng pinakamalapit na sasakyang naroon.

"L-Lohr, you're hurting me!" palahaw niya.

"Anong ginawa mo sa 'kin?" nanggagalaiti kong tanong, mahina pero nando'n ang galit. **"What the fuck did you do to me?"** kumukulo ang dugo ko.

"I don't know w-what you're saying—let me go!" gano'n na lang ang gulat ko nang buong pwersa niya akong itulak.

Nanlaki ang mga mata ko. Hindi ako makapaniwalang nagawa niya akong itulak nang ganoon kalakas dahilan para mapaatras ako at masadlak sa lupa. Hindi ko lalo magawang paniwalaan na meron siyang gano'ng lakas. Kailanman ay hindi ko naisip na may isang gaya ni Taguro na magagawa kong itulak nang gano'n kalakas. Dahil sa sobrang lakas no'n ay natumba ako at naramdaman ko ang paggasgas ng mga kamay ko sa sementong kinabagsakan ko.

Si Taguro lang ang nakagawa sa 'kin nang gano'n... nang gano'n kalakas! Bigla ay nalito ako sa kaniya, sa katauhan niya. Agad ay

nanguwestyon ang utak ko kung bakit may gano'n siyang lakas. Iyon kasi 'yong lakas na imposibleng dahil lang sa galit.

"Don't you dare touch me!" dinuro niya ako at hindi ko maipaliwanag ang galit na nababasa sa mata niya. Ngayon ko lang din 'yon nakita.

Pero hindi ako nagawang matinag no'n. Hindi lalo ako magagawang takutin ng babaeng ito. Umakyat ang galit sa ulo ko. Dagli akong tumayo at malakas siyang sinampal dahilan para gaya ko ay masadlak siya sa lupa. Masama na ang tingin niya nang lingunin ako, nakahawak pa rin sa kaniyang pisngi. At nang akma siyang susugod ay sinalubong kong muli ang panga niya. Doon ay dalawang magkakasunod at malalakas na sampal ang dumapo sa kaniyang mukha.

"Hindi ko na alam kung ano pa ang itatawag ko sa 'yo ngayon. Demonyo ka, Eerah! Anong ginawa mo sa 'kin, ha?" nag-iinit sa galit na singhal ko.

"Hindi mo na agad maalala?" natatawa niyang tanong habang tinutulungan ang sariling makatayo. **"Hindi mo na matandaan? Gano'n ka katanga?"** pinagkadiinan niya ang huling sinabi, ipinagduldulan sa mismong mukha ko.

Hindi ko na naman nagawang pigilan ang sarili, hinila ko ang braso niya at muli siyang sinampal nang malakas. Hindi pa ako nakontento at makatatlong beses kong pinaulit-ulit iyon hanggang sa gumulong-gulong siya sa lupa habang ako ay nanonood lang. Kulang na kulang pa ang mga iyon para mapantayan ang galit na nararamdaman ko ngayon. At hindi ako magdadalawang-isip na paulit-ulitin pa iyon dahil hindi ko siya mapapatawad. Ngayon lang ako nanakit nang gano'n katindi sa isang babae at wala akong balak na magsisi. Higit pa dito ang kanina ko pang gustong gawin sa kaniya. Pero sinisikap ko pa ring pigilan ang sarili ko dahil pwede ko siyang mapatay kapag nagkataon.

Ang galit ko ay parang rumaragasang tubig, buhay na buhay sa dugo ko. At halos hindi ko na makilala ang sarili ko nang muli ko siyang lapitan at dakmain sa damit para muling maitayo. Bumuwelo pa ako nang sobrang layo bago siya muling sinampal. Na naging dahilan ng paghampas niya sa sasakyan. Sobrang lakas pero patuloy akong nakukulangan. Gusto ko pa siyang saktan, paulit-ulit na saktan. At kung posible lang ay ayaw ko na siyang makitang buhay.

Uli ay hinila ko siya upang muli lang itulak sa sasakyan. Na batid kong napakasakit dahil napasigaw siya sa sakit. Minura ko siya sa mismong

mukha at tinitigan. **"Gusto mo ng laro? Bibigyan kita ng laro!"** mariing sabi ko. **"Pero 'wag kang umasang makikipaglaro ako sa 'yo dahil marumi kang maglaro! Sabihin mo ngayon sa 'kin kung ano ang kailangan mo sa 'min? Ano ang kailangan mo sa 'min!"** isinigaw ko uli ang mura sa mukha niya.

"Buhay," mariing sabi niya na nakapagpatigil sa 'kin. **"Buhay ang kailangan namin, Lohr. Kaya mo bang ibigay?"**

"Ninyo?" nanggigigil kong tanong. **"Buhay?"**

"Oo, Lohr," nangingilid ang luhang sabi niya. **"At hihilingin mong sana ay iba na lang ang kailanganin namin, Lohr. I am telling you, hihilingin mong sana ay hindi na lang nangyari ang lahat ng ito. Hindi mo kilala ang binabangga mo sa sandaling ito."**

"Kikilalanin ko kung gano'n!" sabi ko at saka ko siya hinawakan ang damit at naghanda sa pagsuntok.

Pero ang pwersa ko ay napigil ng panibagong kamay sa likuran ko. At nang lingunin ko ito ay sumalubong sa 'kin ang mas malaking kamao!

Ako naman ang humampas sa sasakyan. Tumama ang likuran ng tuhod ko sa bumper dahilan para matumba ako papaharap sa lupa, sapo-sapo ang ilong at bibig ko. Inalog ko ang ulo ko, umaasang mawawala ang matinding hilo na naramdaman ko nang dahil do'n. Naramdaman ko agad ang pagtulo ng dugo mula sa ilong ko at gano'n na rin ang maliit na kirot sa labi ko.

Pero gano'n na lang kabilis na nawala ang gigil at galit sa mukha ko nang makita ang lahat ng taong nandoon sa loob ng bahay kanina. Lahat sila ay nasa harapan ko na ngayon at pawang masasama ang tingin sa 'kin. Kunot-noo ko silang tiningnan isa-isa, nakamaang ang nanakit na labi at naghahabol ng hininga.

Gumapang ako paatras pero humakbang sila papalapit. Papalapit nang papalapit hanggang sa wala na akong magawa kundi ang dagling tumayo at tumakbo. Naramdaman ko ang mabilis nilang pagsunod, ang ilan ay naunahan pa ako. At bago pa ako makalayo ay hinarang na nila ako at pinalibutan.

Nagpaikot-ikot ako habang isa-isang tinitingnan ang mga mukha nila. Hindi ko mapigilan ang naghahalong takot, kaba at galit sa dibdib ko. Pero sa sandaling ito ang naiisip ko lang ay tumakbo, tumakas at makalayo dahil paniguradong dehado ako.

"Hindi naman yata tamang babae ang patulan mo, bata?" natatawa at mayabang na sabi ng kaharap kong lalaki.

Hindi ko matandaan ang pangalan ng sinuman sa mga bisitang kaharap ko ngayon. Bagaman isa-isa silang ipinakilala sa 'kin kanina, ang ilan ay nakahalubilo ko pa. Sina Eerah Anitha at Almeyra lang ang kilala ko sa mga ito. At 'ayun silang dalawa, animong mga sanggano na sobrang angas ng tindig habang nakatingin sa 'kin.

"Mukha namang may ibubuga ka," hindi ko namalayang nakalapit na sa 'kin ang isa pang lalaki.

Hindi ito nagdalawang-isip na itulak ako dahilan para mapaatras ako sa isa pang lalaki. Pero hindi doon natapos 'yon dahil muli akong itinulak nang nakasalo sa 'kin. At doon ay nagpaulit-ulit ang pagtutulak nila sa 'kin dahilan para lalo akong mahilo. Nanghihina akong hinayaan ang mga itong pagpasa-pasahan ako.

Nararamdaman ko na ang pag-ikot ng paligid ko nang ihinto nila 'yon. Napayuko ako sa tuhod at inalog-alog nang paulit-ulit ang ulo ko. Para akong maduduwal. Nararamdaman ko na naman ang kakaibang epekto na 'yon sa utak ko at ang masama ay sumasabay ang dibdib ko. Naririnig ko ang mga nagsasalita pero para iyong sirang plaka na dalawa hanggang tatlong beses na ume-echo sa pandinig ko. Mayamaya naman ay para na iyong gasgas na plaka na hindi na maintindihan ang bawat salitang binibigkas. Nakakabaliw pakinggan ang mga tawanan nila. Pakiramdam ko ay hindi tao ang mga naririnig kong tumatawa. May sandali ring parang gusto kong makitawa sa kanila. May segundong natatakot ako sa tawa nila. Nakakapraning ang pakiramdam. Hindi ko alam kung ano ang nangyayari.

Pero hindi pa rin pala doon matatapos 'yon. Nang dakmain ng isa sa kanila ang buhok ko at hablutin iyon papalapit sa kaniya. **"Aahh, kawawa ka naman?"** tudyo nito. **"Wala pa kaming ginagawa ay para ka nang lantang gulay."**

Nagsipagtawanan sila nang malakas at ang kasunod no'n ay isang dagok sa aking tiyan na sinundan pa sa likuran. Bago ako tumumba ay may sumapak pa sa akin. Sa sobrang lakas ay parang gumalaw ang panga ko.

Naramdaman ko ang pagtalsik ng dugo mula sa bibig ko. Natumba ako sa lupa at nagpaikot-ikot, sinabayan ko ang pag-ikot ng paningin ko. Mahigit sa sampu ang bilang nila at hindi ko alam kung paano ko silang matatakasan. Lalo pa't sa paningin ko ay dumodoble ang bilang nila.

Hindi ko alam kung paanong lalaban nang magsimula silang lumapit at pagtatadyakan ako. Sobrang lakas at parang bumabaon sa katawan ko. Iniharang ko ang kamay sa ulo 'tsaka yumuko para maproteksyunan din ang

dibdib ko. Hindi nila pwedeng tamaan ang dibdib ko, lalo na ngayon. Sigurado akong malalagay sa peligro ang buhay ko. Tuloy ay ang likuran ko ang tinira nila, paulit-ulit nila akong tinadyakan at mukhang wala silang balak na magsawa.

Doon ay nagsimula na namang maging abnormal ang pagtibok ng puso ko. Bumabagal at unti-unti ay biglang raratsada ng bilis. Hindi ko malaman kung paano ang gagawin dahil mukhang hindi ako makakatakas sa sitwasyong ito. Gusto kong sumigaw ng pagsuko pero sa t'wing susubukan ko ay tinatamaan nila ang mukha ko. Nauumpog ang ulo ko sa semento dahilan para tumindi ang aking pagkahilo. Iba't ibang parte ng katawan ko ang kanilang tinatadyakan.

Hindi ko maintindihan kung bakit maging sa isip ay hindi ko magawang hingan ng tulong si Taguro. Hindi ko alam kung bakit sa sandali pang iyon nangibabaw ang sakit dulot nang masasakit na salitang binitiwan niya bago umalis. Hindi ko maintindihan kung bakit pakiramdam ko ay wala na akong karapatang humingi pa ng tulong sa kaniya ngayon. Inuusig ako ng sariling puso at isip, ang mga ito pa ang nagsasabing karapat-dapat ako sa ganitong sitwasyon. Isinisigaw nila sa akin na huwag na akong umasa pa sa tulong ni Taguro. Isinusumbat ng mga ito sa akin kung gaano kalaki ang pagkakamali ko.

Kung mamamatay man ako ngayon, Taguro, mapapatawad mo ba ako? Agad na dumaloy ang luha sa mga mata ko. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangan kong danasin 'to. Humahanap ako nang matinding kasalanang nagawa ko para mapalitan iyon nang gano'n. At doon ay tila palabas na namang nag-flashback sa isip ko ang lahat ng kalokohang ginawa ko noon sa mga babaeng pinag-trip-an ko. Matinding pagsisisi ang nangibabaw sa dibdib ko na animong magagawa no'ng baguhin ang sitwasyong kinaroroonan ko ngayon.

"Enough!" anunsyo ni Eerah Anitha at agad nahinto ang lahat sa pagtadyak sa 'kin.

Maging ang lagutok ng heels niya ay paulit-ulit na nag-echo sa pandinig ko habang papalapit. Nagawa ko iyong lingunin sa kabila nang sobrang pagkahilo. Sinikap kong mag-angat ng tingin sa kaniya kahit pumuputok-putok na ang gilid ng mga mata ko. Nagawa ko pa ring basahin ang galit sa seryosong mukha ni Eerah Anitha, hindi ko pa iyon nakita sa kaniya. Dahil kung nagawa niyang ipakita iyon noon ay hindi na sana ako dumikit pa sa kaniya.

"N-Napakahayop mo," hirap na hirap kong sinabi.

Naupo siya sa harap ko at binato ako ng panyo. **"Ayusin mo ang sarili mo."**

"Hindi ka...tao."

"Tao ako pero bato ang puso ko, Lohr. Bakal ang bungo ko. Kulang pa iyan sa dinanas ng nanay ko sa inyo."

Natigilan ako. *Nanay? Sinong nanay?* **"Anong sinasabi mo?"**

"Hindi ito ang tamang oras para makipagkwentuhan ako sa 'yo, Lohr."

Tatayo na sana siya nang muli niyang dakmain panga ko. Napamura ako nang bumaon sa balat ko ang mahahabang kuko niya. Nagagawa niya na akong saktan ngayon dahil bugbog na na bugbog na bawat parte ng katawan ko.

"'Wag ka nang magmatigas dahil wala kang magagawa sa 'kin, wala kang laban, Lohr."

"Dahil hindi ka patas!" nagawa ko pa ring isigaw 'yon. **"May kailangan kayo sa 'min...bakit hindi ninyo na lang sabihin? Kailangang dumaan talaga sa paghihirap?"** hirap na hirap kong isinumbat.

"Oo, kailangang dumaan sa paghihirap. Kung anong hirap ang dinanas ng mommy ko ay dadanasin ng bawat myembro ng pamilya mo! Susunod ka sa lahat ng sasabihin ko sa ayaw at sa gusto mo, Lohr. Paamoy pa lang 'to. Gusto mong ipatikim ko ang susunod na mangyayari...sa taong mahal mo?"

"Subukan mo!"

Humalakhak siya. Napakademonyita niyang tumawa. **"Susunod ka sa lahat ng sasabihin ko, hindi ba?"** nagbabait-baitan ang tinig niya.

"Baliw ka kung...iniisip mong mapapasunod mo 'ko!"

Nag-igting ang bagang niya at gano'n na lang ang gulat ko nang mula sa likuran niya ay naglabas siya ng baril at walang habas na ipinasok ang bunganga no'n sa bibig ko.

"Susunod ka o mauuna ka na?" mariin, nakapangingilabot niyang tanong.

Nanlaki ang mga mata ko. Noon ay kumabog nang todo sa takot ang kaba ko kasabay nang paghahabol ng hininga. At lalo pa akong natakot nang unti-unti ay nagkakaroon na naman ng pagitan ang bawat tibok sa dibdib ko.

Napakapit ako sa lupa nang magsimulang gumuhit ang sakit! Paulit-ulit kong sinuntok ang semento na para bang magagawa no'ng tapusin ang hirap ko. Ngunit kahit anong padyak ko ay walang nangyayari. Tumitindi ang kirot, mas pinanghihina ako.

Nagpaikot-ikot ako sa semento saka kinapa ang cellphone ko. Kailangang tawagan ko si Taguro. Siya ang number one sa speed dial. Pero napasigaw ako sa sakit nang biglang may tumapak sa kamay ko. Malakas at madiin. Nabitiwan ko ang cellphone. Nanginginig kong yinakap ang kamay koat napaiyak sa iba't ibang sakit na namumuo na sa katawan lalo na sa dibdib ko.

Taguro! Sa isip ko ay iyon na ang pinakamalakas kong sigaw.

Sa isang iglap ay kumabog nang sobrang lakas ang dibdib ko. Naidilat ko nang pagkalaki-laki ang mga mata ko. Hindi ako nakagalaw. Gumuguhit ang sakit at umaabot na 'yon sa likuran ko. Nahuhugot ko ang hininga sa t'wing mawawala ang sakit. At hindi ko inaasahang mapapakapit ako kay Eerah Anitha nang bigla iyong umarangkada. Natuon sa madilim na langit ang tumitirik ko nang mga mata. Pakiramdam ko ay inaatake na ako sa puso.

"Hello, Chairman Enrile?" dinig ko ang tinig ni Eerah Anitha. Nagdilim na nang tuluyan ang paningin ko, wala nang makita kahit saan ako tumingin. **"Sunduin mo ang apo mo, ngayon na!"** maawtoridad niyang sabi. Mukhang nag-alala siyang bigla dahil sa nakikitang nangyayari sa 'kin. **"Huh! Bakit ba nakalimutan kong wala ka nga palang kwentang tao? Hindi na mahalaga kung sino ako kung mahalaga sa iyo ang buhay ng apo mo!"** sigaw niya at saka idinuldol ang telepono sa tainga ko. **"Wala kang pagsasabihan na kahit na sino, Lohr. Kung ayaw mong isa-isahin namin ang pamilya mo. Ihuhuli ko ang taong pinakamamahal mo."** Gano'n na lang ang takot ko nang ibulong niya 'yon.

"C-Chairman..."

"*Sesanghe*! Deib Lohr!" naghihisteryong tawag ni Chairman. Hindi ko na nagawang sumagot. **"Ano ang ginawa nila sa iyo? Anong lagay mo? Ano ang nangyayari? Where are you? *Sesanghe*!"**

"C-Chair...man..." Habol-habol ko na ang paghinga, parang isang paglunok ko ay hihinto na ang puso ko. Naluha agad ang mga mata ko pero hindi na magawang kumurap niyon. **"Ang puso ko..."**

"Oh!" nagulat si Chairman, dinig na dinig ko ang paghangos niya. **"W-What's wrong?"** natutuliro niyang sabi. **"Ano ang nangyayari, Deib**

Lohr? Deib Lohr!"

Pero hindi ko na nagawang sagutini ang tanong niya nang bawiin ni Eerah Anitha ang telepono at patayin ang linya. Tumayo siya at buong pwersa akong itinayo. Para nga akong lantang gulay, kusang tumutumba ang katawan ko. Wala akong lakas na pigilan at panatilihing nakatayo ang sarili. Tanging si Eerah Anitha ang balanse ko nang sandaling iyon. Pero hindi niya ginawa iyon para alalayan ako.

Hindi ko siya lubos na maaninaw, tila demonyo ang nakikita ko sa kaniya. Sumenyas at nagpakita ako nang pagmamakaawa dahil natatakot ako para sa lagay ng puso ko. Hindi ko na magawang makapagsalita dahil sa sobrang sakit, hindi na nawawala.

Pero wala siyang awa. Nakita ko pa siyang ngumiti bago niya ipinalo sa ulo ko ang hawak na baril.

RANDALL'S POV

Basta ko na lang naiparada ang kotse sa harap ng address na ibinigay ni Cargosin. Agad ko siyang tinawagan.

"Nandito na ako sa harap ng bahay ninyo," agad kong sinabi nang sagutin niya ang linya.

"Dumeretso ka lang, pagbubuksan ka ng guard."

"Okay..." Natigilan ako, nagtataka.

Gano'n din kabilis ang kabang nangibabaw sa dibdib ko at hindi ko alam ang pinagmumulan. *May kasama naman pala siya, bakit inuna niya pang papuntahin ako?* Nalito ako at sandaling nagdalawang-isip kung tutuloy pa ba.

Pero huli na ang lahat dahil gaya nang sinabi niya ay pinagbuksan nga ako ng gate ng guard. Nahawakan kong maigi ang cellphone ko, wala akong ibang dala maliban do'n at sa susi ng kotse kong nasa bulsa. Lalo akong nag-alala nang maalala ko ang hindi magandang sagutan namin kaninang umaga.

Pagkapasok sa pinto ay bumungad naman sa 'kin ang nakauniporme ng maid. Seryosong tumango 'tsaka ako pinatuloy. Lalo akong nagtaka. *Hindi lang iisa ang kasama niya dito sa bahay...bakit akong malayo pa ang una niyang hiningan ng tulong?* Hindi ko maintindihan. Hindi nawawala sa isip ko ang kakayahan ko bilang isang nagdodoktor. Posibleng iyon ang dahilan niya kaya imbes na hingan ng tulong ang mga ito ay ako ang tinawagan niya. *Pero sa tindi nang pagkakasigaw niya kanina, at sa mga sinabi niya...hindi ba't dapat ay sa mga ito na muna siya humingi ng tulong?*

Lalong nangibabaw sa 'kin ang kakaibang kaba nang mula sa 'taas ay umalulong ang malakas na sigaw ni Cargosin.

"Tumuloy kayo," natinag ako nang sabihin 'yon ng maid. Nanguna ako, mukhang mas nagmamadali pa ako kaysa sa kaniya.

Kung talagang kailangan ng tulong ng amo niya, hindi ba't dapat na magmadali siya? **"Ano ang nangyari sa kaniya?"** pabulong kong tanong.

Namutla naman ito at parang nalilito. **"Hindi ko alam, sir. Tingnan niyo na lamang ho siya."**

Nangunot ang noo ko. *Weird.* **"Sige,"** sumabay na lang ako hanggang sa makarating kami sa 'taas.

Alam kong may kakaiba nang nangyayari. Nasisiguro ko iyon gamit ang sariling pakiramdam. Hindi ko alam kung dahil lang ba sa kaba o talagang may kakaibang pakiramdam ang bahay na 'yon nina Sin. Pakiramdam ko ay napakaraming mata na nakatingin sa akin, noon lang ako nakaramdam nang ganoon sa isang bahay.

Maraming ilaw pero ang karamihan ay dilaw kaya naman hindi ganoon kaliwanag sa loob. May mga puting single bulb, bukod sa malaking chandilier na may dilaw na ilaw, na nasa gitna ng sala pero madilim pa ring tingnan. Ang karamihan pa naman sa kagamitan ay gawa sa kahoy kaya lalong dumidilim tingnan ang paligid.

Palibhasa'y nasa gitna ang mahaba at palikong hagdan ay may daan pakaliwa at kanan kapag nakarating sa itaas. Napalingon ako sa kanan at doon ay may ilang pinto akong nakita. Hindi ko alam kung ilan lahat iyon pero dahil mahaba ang hallway papunta ro'n ay mukhang maraming kwarto. Sa kanan kami dumeretso, sa sobrang bagal ng maid na sinusundan ko ay pwede kong masaulo ang kabuuan ng bahay na 'to.

Hindi ko akalaing mas madilim pala ro'n. May pulang carpet na linalakaran habang kulay kape naman ang dingding na gawa sa makapal na kahoy. Dilaw rin ang ilaw ro'n at bagaman pahaba ay malabo naman ang covering ng bulb kaya hindi gano'n kaliwanag. Para akong nasa sinaunang mansyon na pag-aari ng isang Don, gano'n ang istilo. Malayo sa modernong nakasanayan ko na.

Huminto kami sa pinakadulo at siyang pinakamadilim na bahagi ng hallway. May two-door sa harap ko. Kung ako ang tatanungin ay mala-executive suite ang dating niyon. At may single door sa kaliwa't kanan ko. Kumatok ang maid sa nasa kaliwa at binuksan iyon.

"Aahh!" agad na nangibabaw ang malakas na sigaw ni Sin. Wala akong makita dahil sobrang dilim sa loob.

*Hindi ba uso ang ilaw sa bahay na 'to?***"Nasaan ang ilaw?"** pabulong kong tanong sa maid na hindi na ako sinagot, kusa niya na lang binuksan ang ilaw. **"Cargosin?"** tawag ko.

"Randall, is that you?"

"Yes, bro, where are you? Are you okay?" tanong ko na nasa maid ang paningin.

Nakababa ang tingin ng maid, lalo akong nawirduhan. Kung ako ang kasama ni Sin sa bahay na ito ay paniguradong magmamadali na akong kumilos para dulugan siya ng tulong. Iyong uri ng sigaw niya ay matindi at kahit sinong makarinig ay mag-aalala, maliban sa maid na ito sa harap ko at sa guard.

Itinuro ng maid ang daan pakanan, sandali ko pa siyang tinitigan bago tumuloy. Nilingon ko uli ang maid, papalabas na siya. Nagtama ang paningin namin pero agad uli siyang nagbaba ng tingin habang isinasara ang pinto. Napalunok ako, nangibabaw na naman sa 'kin ang hindi maipaliwanag na kaba.

Nagtataasan ang magkakatabing cabinet. Pakiramdam ko ay library at hindi kwarto ang pinasok ko. Gaya sa 'baba ay lalong pinadidilim ng mga gamit ang lugar. Kakaunting liwanag lang ay mayroon, nagmumula sa maliit na lampshade.

"Sin?" muling tawag ko.

"Narito ako." Napakislot ako nang manggaling ang tinig niya sa likuran ng tainga ko!

Nagtindigan ang mga balahibo ko at agad akong napabaling sa kaniya. Para akong aatakihin sa puso nang makita kung gaano kalapit si Sin sa akin. At gano'n na lang ang panlulumo ko nang bigla siyang ngumisi at saka tumawa.

"What the hell, Sin?" singhal ko nang makabawi. Patuloy pa rin siyang tumatawa.

Doon ay nagawa kong tingnan ang kabuuan niya. Nakaputing sando lang siya at makikita ang benda sa kaniyang dibdib. Bukod doon ay nakabenda rin ang braso niya. Mula sa dibdib ay ibinenda niya iyon paikot sa kaniyang leeg at sa pagitan ng kilikili, shoulder bandage. Hindi maayos ang pagkakalagay ng benda, hindi rin malinis dahil mukhang kalalagay palang

niyon. May namumuo nang tagos ng dugo sa bendang nasa kaniyang dibdib.

Naiintindihan kong mahirap bendahan ang sarili lalo na kung malaki ang sugat. Kaya pa kahit alam niya, bilang nagdodoktor, ang paraan nang tamang pagbebenda ay hindi niya iyon magagawang mag-isa. Ang hindi ko maintindihan ay kung bakit hindi siya humingi ng tulog sa mga kasama.

"What happened to you?" kunot-noo kong tanong.

"Self-accident," parang nagmamalaki niya pang sagot. Lalo akong nalito. Kakaiba ang pagkakangisi at ugali niyang hindi ko naman noon nakikita sa kaniya. **"Aksidente kong nahiwa ang aking sarili."** Lumamlam ang mata niya na animong sinasabing kaawaan ko siya at paniwalaan.

"How the hell did that happened? What were you doing?" usisa ko.

Sa halip na sumagot ay bahagya siyang lumapit at may hinugot sa gawi ng aking likuran. At kahit hindi ko pa iyon nakikita ay alam ko nang isa iyong espada. Hindi nga ako nagkamali. Naglabas siya ng kumikinang na katana. Hindi ko malaman kung bakit pakiramdam ko ay may mali sa mga ikinikilos niya. Lalo na nang umatras siya at itutok sa 'kin ang katana. At doon sinipat niya kung gaano iyong kakinang at katalim. Huminto lang siya nang tabigin ko iyon, maswerteng hindi sa mismong blade tumama ang likod ng braso ko. Napatitig siya sa 'kin at mula sa gilid ng labi niya ay sumilay ang isang tipid ngunit nakakalokong ngiti.

"Are you tripping me, Sin?" sinikap kong itago ang pagkaasar.

"Mukha ba?"

"Anong ginagawa mo?"

"Ipinapakita ko sa iyo ang dahilan nitong aking sugat," isinenyas niya pa ang kamay at dibdib.

"Bakit mo 'ko pinapunta dito?"

"I was actually thinking that you can help me on this one," inginuso niya uli ang dibdib at brasong may benda. **"Pero naunahan ka ng private doctor ko kaya siya na ang gumamot. Mabuti na lang talaga at magaling siya. Biruin mo, ilang saglit lang ay natapos niya na? Nauna pa nga siyang makauwi kaysa sa iyong pagdating."**

Hindi ako naniniwala. Walang private doctor ang magbebenda nang ganyan karumi!Something is wrong. Damn it! Hindi ko alam kung bakit nagagawa niyang iparamdam sa 'kin na para bang isa itong patibong at mahuhulog na ako.

"Naranasan mo na bang mawalan nang mahal sa buhay, Randall?" tanong niya na hindi ko malaman kung saan nanggaling.

Nangunot ang noo ko at hindi ko agad nagawang sumagot. **"Is this some kind of a joke, Sin?"**

Sumeryoso siya, inosenteng-inosente. **"No, do I look like I'm kidding?"** 'Tsaka siya muling ngumiti. **"I'm asking you seriously. Sagutin mo ang tanong ko,"** aniya na patuloy pa rin sa pagsipat sa hawak na espada. Halatang sinasadya niyang itutok iyon sa akin. **"Naranasan mo na bang mawalan nang mahal sa buhay?"**

Sinamaan ko siya ng tingin 'tsaka ako huminga nang malalim. **"Yes, nang mamatay ang daddy ko—"**

"Anong pakiramdam?" pinandilatan niya ako at gano'n na lang ang takot at gulat na idinulot sa 'kin no'n. Bahagya niyang isinugod ang mukha sa 'kin habang nandidilat ang mga mata.

What the fuck? Hindi ko malaman kung ano ang akmang reaksyon na dapat kong ipakita. Nagsisimula akong matuliro pero mas pinili kong sagutin siya. **"Syempre, nasaktan ako."** Hindi ko ipinakita sa kaniya ang namumuo kong takot.

"Lahat siguro ng nawawalan ng mahal sa buhay ay nasasaktan, ano sa tingin mo?" tanong niya na biglang inihinto ang pag-ikot sa katana at itinutok iyon sa mismong noo ko.

Napaiwas ako. **"Sin!"**

"Hahaha! Are you scared?"

"What the hell?"

"What?"

"Stop doing that! Hindi ka na nakakatuwa!" sabi ko na tinabig ang kamay niya. Nawala ang ngiti sa mukha niya. **"Kung wala ka rin namang palang kailangan sa 'kin ay uuwi na ako,"** dere-deretso kong sabi 'tsaka umalpas sa kaniya. Nagtuloy-tuloy ako papalabas ng kwartong 'yon. Naging abnormal na ang tibok ng puso ko dahil sa takot.

Parang may kung anong nagtutulak sa 'kin na magmadaling nang umalis sa lugar na 'yon. Kumakalabog na ang dibdib ko at nagsisimula nang manlamig sa takot ang mga kamay ko. Pinagpawisan agad ako nang malamig. Pero hindi nakikisama ang katawan ko, lalo na ang mga paa ko! Nanatiling normal ang bilis ng paglakad ko at ang tanging nagawa ko ay makiramdam.

"What the hell was that?" muli akong natigilan nang mula sa 'baba ay narinig ko ang marahas na tinig na iyon ng lalaki. **"Bakit mo ginawa 'yon?"**

"Hindi ba't wala ka nang pakialam sa 'kin?" tinig naman ng babae. **"Gagawin ko ang kahit na anong gusto ko kaya 'wag kang makialam!"**

"What?"

"Why? Are you jealous?"

"Hanggang saan aabot 'yang kademonyohan mo?" mas marahas pang singhal ng lalaki. At doon ay nagmadali akong makarating sa bungad ng hagdanan para makita kung sino ang mga iyon.

"Randall!" Pero bago pa man dumapo ang tingin ko sa 'baba ay nangibabaw na ang tinig ni Sin dahilan para muli akong mapalingon sa likuran. Nakita ko ang masama niyang tingin, pailalim, na agad niyang pinalitan ng pekeng ngiti. Pero hindi niya na ako pwedeng lokohin dahil kitang-kita ko iyon.

Anong pinaplano mo sa 'kin? **"I'm going,"** mariing kong sabi.

"Ihahatid na kita—"

"Sa lagay mo? Hindi na siguro kailangan," sabi ko matapos siyang pasadahan ng tingin.

Pinigil niya ang pagsama ng mukha. **"Okay. Salamat sa pagpunta,"** aniya na makikita ang palihim na pagtingin sa 'baba.

Hindi na ako nagsalita, bumaling na ako pababa pero wala na akong nakita. Tanging iyong maid lang na naghatid sa 'kin sa kwarto ni Cargosin kanina ang naroon. Tulad kanina ay nakababa na naman ang tingin nito at umaangat lang na para bang inaabangan ang paglapit ko. Gusto kong matigilan, hindi pwedeng nagkakamali ako dahil meron akong narinig at tanda ko kung ano ang mga narinig ko. Nasisiguro ko ring doon sila mismo sa sala nag-uusap.

Bakit biglang walang tao? Nangunot ang noo ko sa sobrang pag-iisip. Pero hindi ko na iyon pinagtuunan pa ng pansin. Hindi ko na inintindi kung saan napunta ang nagmamay-ari ng dalawang tinig na narinig ko kanina. Kung paanong mabilis silang nakaalis sa pwestong 'yon ay hindi ko alam. At hindi ko na rin planong hanapin pa dahil ang gusto ko lang sa oras na 'to ay makalayo sa lugar na 'yon.

Nakakatakot ang pakiramdam dahil habang naglalakad ako ay para bang lumalayo sa 'kin ang pinto. At para bang may humahabol sa 'kin na handa akong dakmain mula sa likod anumang oras. Nakapangingilabot.

Nakakatakot. At kahindik-hindik. Nang makalabas ako ng pinto ay tiningnan ko pa ang maid na nakaabat nang magsara ng pinto. Tinanaw ko muli ang 'taas kung saan ko iniwan si Cargosin pero wala na siya ro'n. Hindi na ako nagdalawang-isip na magtuloy hanggang sa makabalik sa kotse ko.

Gano'n na lang ang pagluwag ng hininga ko nang sa wakas ay makaupo ako sa driver's seat. Napapikit ako sandali at nang magmulat ako ay masama na ang tingin ko sa manibela. Muli kong tinanaw ang malaking bahay at gano'n pa rin ang kilabot na hatid sa 'kin no'n. Dali-dali kong ibinuhay ang makina at pinaratsada ang kotse papalayo.

Ngunit bagaman malayo na ako ay parang lalong umiigting ang kaba sa dibdib ko. Makailang beses ko pang nahampas ang manibela gamit ang kamay habang lumilingon sa kaliwa't kanang side mirror. *What the hell was that, Sin? What are you planning to do?* Hindi ko pwedeng tanggihan ang namuo kong hinala. Imposibleng wala siyang balak na gawin sa 'kin kanina At may nagsasabi sa aking may kinalaman 'yon sa nangyaring sagutan namin kaninang umaga.

Sinadya niyang itutok sa 'kin ang espadang 'yon para maiparating sa 'kin ang mga bagay na kaya niyang gawin. Posible ring ginawa niya 'yon para sadyang takutin ako. Pero nakukulangan ako sa rason. Masyadong mababaw na dahilan ang naging sagutan namin kaninang umaga para umabot sa gano'n ang pagganti niya.

At isa pa ay para saan pa ang paghingi niya ng sorry? At saka, hindi hamak na mas maganda ang naging trato ko sa kaniya kompara kay Maxwell, bakit ako ang ginanito niya? Napakarami ng tanong sa isip ko. *'Sabagay, kung si Maxwell ang tinawagan niya ay baka barahin lang siya no'n. Tsh, baka nga ni hindi no'n sagutin ang tawag niya. At wala silang number ng isa't isa!* Napapraning ako, kung ano-ano ang naiisip ko.

Hindi lang talaga ako makapaniwalang nagawa niyang gumawa nang gano'n katinding palabas. Hindi niya ako mapaniniwalang isang mahusay na doktor ang gumamot sa kaniya. Isa iyong private doctor, paniguradong bihasa na 'yon. Ang paraan nang pagkakalagay ng benda sa katawan ni Sin ay masasabi kong sariling sikap. Hindi maayos at mukhang minadali.

Siya ang naglagay ng bendang 'yon sa sarili niya! Hindi mo 'ko maloloko, Sin, nagkakamali ka ng taong lolokohin. Pinag-aaralan namin at ilang beses nang ginagawa ang pagbebenda. May akmang paraan nang paglalagay ng benda at doon ko siya nahalata, dahil mali ang pagkakalagay.

Parang basta niya na lang iyon ipinatong at inikot nang inikot sa katawan niya para matakpan ang sugat.

Pero ang tanong...saan nanggaling ang sugat niya? Ang dugong nakita ko, bagaman tagos lang 'yon sa benda ay masasabi kong totoo. Sariwang-sariwa pa at patuloy sa pagdugo. *I don't know why I have this feeling that you did that to yourself, Sin. Damn, you're crazy!* Lalo kong binilisan ang pagmamaneho at muli lang naasar nang biglang umilaw ang stoplight at kinailangan kong huminto.

Eksakto namang tumunog ang cellphone ko at si Maxwell ang tumatawag. **"Hello?"** hindi ko naitago ang inis nang sagutin 'yon.

"Where the hell are you?" galit ang tinig niya kaya lalong nag-igting ang inis ko.

"I'm driving! I'm driving home," sabi ko na panay ang silip sa stoplight kung naka-"go" signal na ito.

"Nandito ako sa bahay mo," seryosong aniya, hindi naman ako sumagot. **"Nagja-jogging ako kanina nang mapadaan sa harap ng bahay mo."**

Aasarin ko sana siyang sinadya niya lang dumaan sa bahay ko dahil magkaiba kami ng exclusive village. Ngunit hindi ko malaman kung bakit imbis na matawa ay kinilabutan na naman ako.

"May napansin akong kakaibang sasakyan sa harap ng bahay mo kaya kumatok ako," patuloy niya.

"What?" hindi ko na mapigilan ang kaba, natuon na sa iba ang paningin ko. **"Where's Dein? Where's my son?"**

"They're fine, I'm here. Pero hindi pa rin umaalis ang sasakyan na nasa harap ng bahay mo. Sa dami ng admirers mo, mahirap kilalanin kung kanino ito."

"What? Please, D, don't leave my family. Stay there, please."

"I will. Come home faster."

Bagaman may tiwala ako kay Maxwell ay hindi mahinto ang pag-aalala ko. Kaya naman nang mag-"go" signal ang stoplight ay pinaarangkada ko ang sasakyan. May ilang kilometro pa ang layo ko at kating-kati na akong makauwi para masigurong ligtas ang mag-ina ko. Hindi mawala sa isip ko ang sinabi ni Maxwell. Panay ang pagtatanong ko sa isip kung kaninong sasakyan ang nando'n sa harap ng bahay namin.

Ngunit may limang metro bago ko marating ang The Venice ay muling tumunog ang cellphone ko. At sa sobrang pagkatuliro ko ay napapamura

ako. Hindi ko na tiningnan kung sino ang caller at basta ko na lang iyong sinagot.

"Randall! Randall! Where are you? I need you, now!"

"Chairman?" nalilito na namang sabi ko 'tsaka tiningnan kung sino ang caller. Hindi nga ako nagkamali, si Chairman Enrile 'yon. **"Chairman, listen, kailangan kong umuwi sa bahay ngayon. May emergency."**

"Please, nakikiusap ako sa iyo, hijo. Si Deib Lohr—"

"What happened to him?"

"He's...He's critical!"

Nanlaki ang mga mata ko, hindi malaman kung ano at sino ang uunahin. Ang pagmamaneho papauwi o ang pakikipag-usap sa senyor. **"What? Where is he?"**

"Papunta na kami ng BISH. Please, meet me there, hijo. Nakikiusap ako sa iyo! Wala ka munang sasabihan! Pakiusap!"

Paulit-ulit akong walang tinig na napamura. Napapapikit pa sa pagkatuliro. **"I-I'm coming! I'm coming!"** sabi ko na mabilis idineretso ang sasakyan at muli iyon pinaharurot.

Ibinaba ko ang linya at tinawagan si Maxwell. **"Where are you?"** agad niyang bungad.

Nalilito ako kung paanong magpapaliwanag. **"Maxwell, may kailangan akong puntahan—"**

"What?" singhal niya.

"Bro, 'wag mong iiwan sina Dein. Mag-lock kayo ng pinto."

"But—"

"Please!" pinangunahan ko na siya. **"Nakikiusap ako sa 'yo, 'wag mong iwan ang asawa't anak ko."**

"What the..." pabulong siyang napamura sa huli. **"Tell me where the hell are you going?"**

"I'll call you again later. Ipangako mo sa 'king hindi mo iiwan sina Dein."

"I'll stay here. But where are you going?"

"I'll tell you later. You have to protect my family, if something happens."

"I will," aniya na muling nagmura sa huli. Pabato kong itinabi ang telepono nang maibaba ang linya. Nasapo ko ang ulo at marahas na nasabunot.

Nagdere-deretso ako hanggang sa tuluyang makarating ng BISH. Patakbo akong pumasok sa E.R. at agad na hinanap kung saan naroon si Deib Lohr.

Bago pa man ako makalapit sa ikalawang bed ay muli akong napaatras. Naihilamos ko ang mga kamay sa mukha saka natakpan ang bibig ko. Hindi ako makapaniwala sa nakikita kong hitsura ni Deib Lohr ngayon.

"Doc, Code blue!" anunsyo ng nurse na nasa likuran ko. Umere ang sirena at pag-anunsyo ng code.

"Code blue rin dito!" anunsyo nang nasa unahan. Ibig sabihin ay emergency case ang mga iyon at kailangang malapatan agad-agad ng paunang lunas.

"Randall!" dali-daling lumapit sa 'kin si Chairman Enrile, hindi ko agad siya nagawang lingunin.

Napako ang paningin ko sa kalunos-lunos na hitsura ni Deib na kasalukuyang inililipat na sa kama mula sa stretcher. Nangingitim ang pareho niyang mata sa pasa at gano'n na rin ang ibang parte pa ng kaniyang mukha. Namamaga at pumutok ang duguan niya pang labi. Marumi ang balat at damit, at may mga bahid at patak ng dugo sa iba't ibang parte rin ng katawan. Walang malay at animong dumaan sa matinding sagupaan. Ang isang kamay niya ay dakot ang damit sa parteng dibdib at isa iyong senyales na hindi ko pwedeng bale-walain. Kung hindi lang siya malapit na tao sa 'kin ay baka hindi ko siya makilala ngayon.

"Anong nangyari?" hindi ko na nagawang maging magalang.

Hindi ako nasagot ng Chairman. Para siyang napapraning at hindi malaman ang gagawin. Panay ang ikot habang paulit-ulit na nililingon ang apo. Nasasapo ang bibig at animong maiiyak sa sobrang pag-aalala. Hindi malaman kung gustong maupo o tumayo, paikot-ikot. Lalapit sa kama ni Deib at saka babalik sa harap ko.

Kahit talaga ganoon karami ang nalalaman mo sa medesina, kapag malapit sa iyo ang nakaratay sa kama, napakahirap maging matalino at magaling. Lahat ay nagagawang burahin ng kaba at takot sa simula.

"Chairman!" pinahinto ko siya. **"Tell me what happened!"**

"I don't know!" maaksyon ang kamay niyang sabi. **"Basta na lang may tumawag sa akin kanina at ipinasundo sa akin si Deib Lohr sa isang waiting shed malapit sa labas ng subdivision. He was unconscious, and look at him!"** itinuro niya pa ang apo. **"I don't know what happened and I don't know why is this happening to us!"**

Natigilan ako sa sinabi niya. Kunot na kunot ang noo ko habang humihinga sa bibig. Doon ay naalala ko ang sunod-sunod na mga kaganapan. **"Chairman...what do you mean?"**

"We cannot talk about this right now! I want you to help my grandson!" bagaman naroon ang galit ay nahimigan ko pa rin ang pakikiusap at pag-aalala niya. **"Gawin mo ang lahat para matutukan ang lagay niya! Randall,"** hinawakan niya ako sa magkabilang balikat. **"Ang puso ni Deib Lohr, mahina ang puso niya. Kailangang maagapan iyon, naiintindihan mo? Noong makausap ko siya kanina ay iyong puso agad niya ang nabanggit niya. At natatakot akong baka may nararamdaman na naman siya sa puso niya, apo, pakiusap, tulungan mo ang apo ko,"** hindi ako makapaniwalang gano'n kabilis na namuo ang mga luha ng Chairman.

"Chairman, kailangan 'tong malaman ng parents niya." Hindi ko malaman kung paanong pagagaanin ang pakiramdam niya, halatang nababalisa siya at natutuliro. Pero iyon ang mas tamang gawin ngayon.

Hinawakan niya uli ako sa magkabilang balikat. **"Just please...do what I said, do everything that you can! Tatawagan ko rin sila, ha? Ipararating ko rin ito sa kanila. Basta ang gusto ko ay magising na muna si Deib Lohr ngayont masigurong ligtas ang puso niya. Pakiusap, hijo, tumulong ka para mabantayang maigi ang lagay niya. Kailangang magamot na agad siya. Nakikiusap ako."**

Sunod-sunod na pag-iling ang nagawa ko, masyado akong nalilito. Napakarami kong gustong itanong pero kailangan na talagang maagapan ang lagay ni Deib ngayon. Lalo pa't hindi lingid sa kaalaman ko ang tungkol sa lagay ng puso niya. At mapatutunayan iyon ng posisyon ng kamay niya sa dibdib, paniguradong may naramdaman nga siyang sakit. Pero ano nga ba ang magagawa ko?

Maraming pasyente kaya naman hindi matutukan nang nag-iisang doktor na naka-duty ro'n ang lahat ng pasyente. Maging ang dalawang nurse na nakaduty ay hindi rin malaman kung sino ang uunahin. Hindi malaman kung bakit sa dami nang pagkakataon ay ngayon pa nangyaring nagkasabay-sabay ang mga pasyenteng naka-Code Blue.

Noon lang ako natulirong kumilos sa ganitong sitwasyon. Madalas ay kumikilos ako nang mabilis. Pero sa sandaling ito ay hindi ko magawang makapag-isip nang tama kung ano ang dapat kong gawin kay Deib Lohr. Lumapit ako sa kaniya at saka siya pinulsuhan nang may maramdaman ako

ay saka ko pinakinggan ang paghinga niya, wala akong marinig o maramdamang hininga.

Hold on, Deib Lohr. Please, come on, bro. Please... Paulit-ulit akong humiling sa isip habang pinapanood ang doctor na nagsisimula ng i-CPR siya. *Please, wake up!* Ilang minuto na ang nakalilipas pero hindi siya tumutugon sa ginagawa nila. *Damn it!*

"Deib Lohr!" umiiyak na tawag ni Chairman, panay ang kuskos sa parehong palad. **"Gumising ka, apo ko!"** 'tsaka niya ilalagay ang dalawang kamay sa bibig at pinipigilang maging matunog ang pag-iyak.

Hindi ako umalis sa tabi ni Deib para kung sakali mang mapagod ang doktor ay handa akong pumalit para mag-CPR sa kaniya. Hindi ko malaman kung saan ako kakapit, panay ang himas ko sa batok at hindi naalis ang paningin kay Deib. Sobrang takot na ang nasa dibdib ko at hindi ako makapaniwala sa sitwasyong iyon na nasa harap ko.

"Damn it! We have to tell this to his parents, Chairman!" bulalas ko nang muling matapos ang isang minuto ng hindi gumagawa ng anumang reaksyon ang katawan ni Deib. **"Tatawagan ninyo sila o ako pa ang tatawag?"** hindi ko na naitago ang galit, hindi ko malaman kung bakit ayaw niya pang ipaalam. Hindi ko siya maintindihan dahil wala akong makitang rason para ilihim niya ang mga ganitong bagay.

Napahilamos ako sa mukha ko at nagpabalik-balik sa tabi ng kama na iyon ni Deib. Panay rin ang tingin ko sa relos, tinitingnan ang bawat segundong dumaraan nang walang reaksyong nagmumula sa katawan niya. Hanggang sa hindi ko na mapigilan ang sarili kong kaba, napasuntok ako sa pader at hindi malaman ang gagawin.

"Please, wake up!" sigaw ko nang muli kong harapin si Deib. Gusto kong dambahin ang dibdib niya, baka sakaling gumising ang puso niya. Pero wala ako sa posisyon para gawin 'yon. Nangilid bigla ang mga luha ko at dali-daling kinuha ang cellphone ko at tinawagan si Maxpein.

Please answer the phone...answer the phone, Pein! Answer the dod damn phone, Maxpein! Muli ay nabigo ako. Hindi sinagot ni Pein ang tawag ko. Napalingon ako kay Deib at hindi pa rin siya nagigising, magtatatlong minuto na. At ang bawat segundong pumapatak sa sitwasyong ito ay mahalaga.

Dahil kapag tumagal pa iyon ay maaaring ikamatay niya.

OceanofPDF.com

CHAPTER 203

DEIB'S POV

"*DEIB LOHR...*"

Nagising ako sa pamilyar na tinig ng isang babae. Malakas 'yon at umeecho hindi lang sa pandinig ko kung hindi sa buong lugar na hindi ko matunton pero kinaroroonan ko ngayon.

"*Deib Lohr...*"

Ang tinig ay papalapit nang papalapit sa 'kin. Tumingin ako sa likuran ko pero wala akong nakita.

"*Deib Lohr...*" Mas naging malakas na iyon at gano'n na rin ang echo. **"*Deib Lohr...*"**

Nagliwanag ang harapan ko na halos masilaw ako. Naisangga ko ang kamay ko at nang masanay ang mata ko ay unti-unti ko 'yong tinanggal.

"*Deib Lohr..,*" nakangiting pagtawag ng pamilyar na ginang.

Napamaang ako, hindi agad nakasagot. Napakaliwanag niya at mas pinaliliwanag pa dahil sa suot na kulay puti. Nililipad nang bahagya ang buhok at damit niya habang ang mga paa't kamay ay animong lumalangoy sa ere. Hindi ako makapaniwala. Gusto kong isiping nananaginip lang ako pero nararamdaman kong gising ang aking diwa.

"*Deib Lohr, apo ko,*" muling sambit niya.

Hindi ko maiwasang mamangha dahil hindi bumubuka ang bibig ni niya pero naririnig ko ang tinig niya. Para kaming nag-uusap gamit ang isip.

Pero lalo akong namangha nang matitigan siyang maigi. **"*Lola...?*"** halos patanong kong itinawag.

Hindi ako makapaniwalang nasa harap ko siya ngayon. Siya ang lola ko, ang mommy ng daddy ko at asawa ng Lolo Dei Min ko. At mas hindi ako makapaniwala dahil noon ko lang napansing maging ang bibig ko pala ay hindi rin bumubuka. Pero maririnig ang boses ko, ako mismo ay naririnig ang sarili ko.

"*Lola*?"

"*Ako nga,*" nakangiti niyang sabi.

Natigilan ako. Hindi pa rin ako makapaniwala. Gusto kong matakot pero wala akong maramdaman ni kaba. Gusto kong magtaka pero mapayapa ang isip ko. Maging ang puso ko ay sumasang-ayon sa kung ano ang nasa harapan ko ngayon. Wala akong ibang maramdaman sa dibdib kung hindi saya, paulit-ulit at nadaragdagang saya. Wala akong literal na naaamoy pero sa isip ko ay alam kong nangamoy bulaklak ang paligid nang makita ko siya. Kilala ko ang sarili ko pero bukod sa akin at kay lola na nasa harapan ko ngayon ay wala akong ibang makilala. Wala akong ibang maalala.

"*Masaya ang pakiramdam, hindi ba*?" tanong niya. Lalong sumaya ang dibdib ko pero ang isip ko ay gustong magtanong. **"*Wala ka nang mararamdaman pang sakit.*"**

"*Bakit ako nandito, lola? At nasaan ako*?"itinanong ko pa rin 'yon nang hindi ibinubuka ang bibig, gaya niya ay isip ko ang nagsasalita para sa akin.

Iginala ko ang paningin at wala akong ibang makita kundi liwanag na hindi naman nakasisilaw. Panay puti ang paligid.

"*Nasa langit na ba ako*?"

"*Hindi, apo,*" mas ngumiti siya.

"Nasaan ako, lola?"

"Nasa harap ko."

"Bakit ako nandito, lola?"

"Dahil sobra na ang paghihirap mo," ngumiti siya ngunit may iba pang mababasa sa mukha niya bukod sa saya.

"Lola..."

Gustong-gusto kong matakot pero kahit anong gawin ko ay hindi ko talaga 'yon maramdaman. Nararamdaman kong gising na gising ang diwa ko kaya hindi pwedeng mangyari ang unang bagay na nasa isip ko kung nasa'n ako ngayon. Pero hindi ko magawang kumilos. Nakakahinga ako pero parang may nakabara. Hindi normal ang sistema ko pero gustuhin ko mang magtanong ay parang alam ko naman na ang sagot. Iyan lang ang kaya kong ipaliwanag sa kasalukuyan kong nararamdaman.

"Ano ang nangyayari, lola?" inosente kong tanong. Hindi agad siya sumagot at matagal na ngumiti sa 'kin.

"Ang Chairman, Deib Lohr," dagdag niya. ***"Siya ang makasasagot sa lahat ng katanungan mo, apo ko. Hindi ka nababagay sa lugar na ito dahil marami ka pang dapat na gawin. Sundin mo ang puso mo, apo, may parating nakaalalay sa 'yo."***

"Lola, hindi ko maintindihan."

"Darating ang panahong maiintindihan mo ang lahat ng bagay. Sundin mo lang ang puso mo. Ang lahat ay nakaayon sa plano."

"Lola..." Tawag ko nang unti-unti ay lumayo siya.

"Marami ang nagmamahal sa 'yo, apo ko. At isa na ako sa mga iyon," dagdag niya hanggang sa tuluyang nawala.

Doon ay bigla ko na lang nahugot ang aking hininga. Sa isang iglap ay nagmulat ako. Tumambad sa 'kin ang mas nakakasilaw na liwanag. Naipikit ko uli ang mga mata ko at noon ko naramdaman ang sakit sa iba't ibang parte ng katawan ko.

"The patient is revived!" tinig ng isang lalaki.

"Deib Lohr! *Sesanghe*! Hijo! Thank God!" nangibabaw ang boses ni Chairman. Umiiyak at parang nagkaroon nang matinding pag-asa.

Hindi ko magawang sumagot o kumilos man lang. Mata ko lang ang naigagalaw ko at tanging kisame lang ang aking nakikita. Nararamdaman ko ang pagkilos ng paligid ko maging ng mga taong nasa tabi ko. Ni isa sa kanila ay hindi ko magawang intindihin. Nanunuot ang sakit sa buong katawan ko at hindi ko magawang isigaw ang pakiramdam no'n. Sobrang sakit! Pakiramdam ko ay bugbog na bugbog ang katawan ko at ang dibdib ko, iyon ang pinakamasakit. Bumibilis at bumabagal ang tibok, gumuguhit ang sakit at napapapikit na lang ako dahil gustuhin ko man ang sumigaw ay masyado akong mahina para gawin 'yon.

Naramdaman ko ang sunod-sunod na pagtulo ng mga luha ko sa magkabilang mga mata. Ang mga kamay ko ay parehong nanginginig at halos hindi ko na maramdaman sa akin ang katawan ko. May parteng namamanhid at may parte namang matindi ang sakit. Hindi ko na alam kung ano ang gusto kong maramdaman sa mga iyon. Dahil sa oras na 'yon ay nagpapasalamat ako at buhay ako.

Lola...

Gusto kong tingnan si Chairman. Gusto ko nang sabihin sa kaniya ang nakita ko, sa panaginip man iyon o kung saan. At saka ko siya tatanungin kung ano ang kahulugan no'n. Pero masyado akong nanghihina. Pahina pa nang pahina hanggang sa sumuko ang katawan ko at muling makatulong na lang.

Namamanhid ang pakiramdam ko nang unti-unti ay imulat ko ang aking mga mata. Malamlam ang ilaw, hindi kasinliwanag nang huli akong magmulat. Agad ay naramdaman ko uli ang masasakit na parte ng kawatan ko. Gano'n pa rin katindi ang sakit sa dibdib ko. Bumibilis ang tibok no'n at

biglang babagal, pinahihirapan akong huminga na animong hingal na hingal. Naigalaw ko ang kamay ko pero hindi ko 'yon magawang iangat. Gusto kong hawakan ang dibdib ko dahil sobrang sakit.

Taguro...

Gusto kong magsalita pero maging ang ibuka ang aking bibig ay hindi ko magawa. Hindi na maipinta ang mukha ko, tuyong-tuyo ang bibig ko at nanghihina ang buo kong katawan. Masakit sa labas at nanunuot hanggang sa loob.

Siya ang kauna-unahang tao na pumasok sa isip ko at gusto ko na agad na maluha. Ngayon pa lang ay naiisip ko na kung magagawa niya pa kaya akong tanggapin? At gaya ng mga naiisip ko sa t'wing mag-aaway kami, gusto kong malaman kung ano ang iniisip niya. Gusto kong alamin kung ano ang nararamdaman niya. Paniguradong hindi niya gusto ang kaniyang nakita. Hindi ko na aasahang mawawala agad ang galit niya. Pero gusto kong kami pa rin. Kung hindi ko kayang malayo sa kaniya ay mas hindi ko kayang tanggapin ang katotohanang hindi na kami magkakabalikan pa.

Ngayon ay hindi ko alam kung sino ang sisisihin ko. Kahit yata meron akong masisisi ay hindi ko na rin gagawin pa. Dahil hindi naman na no'n mababago ang nangyari na. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang maging ganito kagulo ang lahat. Parang mas gusto ko pa yatang bumalik sa sitwasyon ko kanina kung saan wala akong ibang nararamdaman kundi saya.

"Deib Lohr? God! He's awake!" boses ni *Noona* 'yon, mabagal kong hinanap kung nasa'n siya.

Pero hindi ko pa man siya nakikita ay naibaon ko na ang aking ulo sa unan nang muli ay kumalabog ang puso ko. Kaunting pagkilos palang iyon ay gano'n na ang naging reaksyon sa dibdib ko.

Mabilis na nangilid ang luha ko. Noon ay nagawa ko nang iangat ang kamay ko, gusto kong humingi ng saklolo. Mabilis na lumapit sa 'kin si mommy. Hindi ko na napigilan ipakita sa kaniya ang pag-iyak ko. Sobrang sakit na parang bawat ugat na konektado sa puso ko ay isa-isang naapektuhan.

"M-Mom..." Tumawag ako pero parang ako lang ang nakarinig sa aking sarili. May bagay na nakaharang sa ilong at bibig ko, pinagiginhawa ang aking paghinga pero mahirap pa rin. Kulang na kulang, masakit na masakit.

"Deib Lohr, anak," umiiyak ani mommy, hinawakan nang mahigpit ang kamay ko at inilapit 'yon sa pisngi niya.

Nagtitigan kami, paniguradong nakita niya akong lumuluha. Bahagya niyang inalis ang mask sa mukha ko dahilan para magawa kong magsalita.

"'Yong p-puso ko, mommy..." Pakiramdam ko ay para akong bata na nagsusumbong sa kaniya kung alin at nasa'n ang masakit sa akin. Gano'n na gano'n ako no'ng maliit. Pero ang mommy ko ay hindi na gano'n ngayon. Dahil kung noon ay pinalalakas niya ang loob ko, ngayon ay parang mas mahina pa siya sa 'kin.

Nanlaki ang mga mata niya. **"Ano? Does it hurt, anak? Where? Which part?"** nag-aalalang tanong niya, naghihisterya at hindi agad malaman kung ano ang gagawin. **"Dein! Call the doctor now!"** sigaw niya. **"Anak, saan ang masakit? Saan? Ituro mo kay mommy."**

Pero hindi ko nagawang sumagot. Sobra akong nanghihina talaga at ang ipinagpapasalamat ko na lang ay nagawa ko iyong masabi. Masakit na masakit ang puso ko at noon ko lang 'yon naramdaman. Hindi ko pa 'yon naramdaman noong hindi pa ako naooperahan, ang sakit na iyon ay nasisiguro kong ngayon lang. Malayo sa naramdaman ko no'ng bata ako at mas malayo sa naramdaman ko nitong mga nakaraan. Mas matindi na 'yon at ako mismo ay natatakot. Kung nagagawa akong panghinain nito ay hindi malabong kunin nito ang buhay ko. Hindi ko na nagawang hintayin pa ang doktor. Dahil muli ay nawalan ako ng malay sa sobrang panghihina at sakit na nararamdaman.

Hindi ko alam kung gaano katagal akong nakatulog. Halos buong araw na siguro akong natutulog.

"Kung gano'n, Mrs. Enrile, sa ikalawang pagkakataon ay kailangan niyang maoperahan,"narinig ko ang mahinang tinig ng lalaki. Kasunod no'n ay ang paghagulgol ni mommy. **"Hindi na maganda ang lagay ng puso niya, mahina na masyado para labanan ang kaniyang sakit. His heart is getting weaker and weaker every passing day."**

Gusto kong maiyak sa oras na 'yon. Dinig na dinig ko ang katotohanan sa sitwasyon ng puso ko. Natatakot ako nang sobra. Kailangan kong mabuhay. Gusto ko pang mabuhay. Hindi lang para sa sarili ko kundi para sa mga taong mahal ko. Pero kung ganito ang lagay ko, paano ko magagawa 'yon? Kung sa t'wing titindi ang sakit ay umaabot iyon hanggang sa likuran ko paibaba na sa katawan ko. At lalo pang tumitindi at mas pinahahaba ang paghihirap ko. Pinanghihina ako lalo hanggang sa bumigay ang katawan ko. At wala na akong magawa kundi ang muling makatulog para kahit papaano ay maipon ang lakas ko.

"Kulang ang mga gamit natin dito para gawin ang operasyon, Chairman Enrile," magalang at malungkot na balita ng lalaki ang muling gumising sa akin. Nasisiguro kong doktor 'yon. **"Mas maiging dalhin ninyo siya sa ospital kung saan ninyo siya dinala noon. Nasisiguro kong may records pa doon si Deib Lohr."**

"*Sesanghe,*" naibulong na lang ng Chairman.

"Hanggang kailan?" mahinang tanong ni daddy, pinalalakas ang loob.

"Sa lalong madaling panahon, Mr. Enrile."

"Thank you, doc," napabuntong-hininga si daddy.

Pinilit kong igalaw ang ulo ko para makita ang kinaroroonan nila. Nakita ko sila sa pintuan, nakapalibot sa isa't isa at tahimik na nag-uusap. Nakita ko pa nang tapikin ng doktor ang balikat ng daddy ko at saka lumabas ng kwarto. Si Chairman na natanggal mula sa pagkakakrus ang mga braso at naihilamos sa mukha ang kamay. Si mommy naman ay panay na ang paghagulgol sa dibdib ni daddy na inaalo naman ito.

"Sana ay mapunta na lang sa akin 'yong sakit niya," umiiyak na sabi ni mommy na lalong nakapagpaluha sa akin habang nakikinig. **"Sana ay ako na lang ang naghihirap. Hindi ko kayang makita ang anak kong nahihirapan at nasasaktan nang paulit-ulit, Lohrton. Mas nasasaktan ako."**

"Sshh, sshh," walang nagawa si daddy kung hindi ang patahanin siya.

Hindi ko malaman kung bakit sa kabila nang nakalulungkot na balitang iyon ay mas malungkot pa ro'n ang nararamdaman ng puso ko. Pakiramdam ko ay umiiyak ito at nagdurusa. Alam ko ang kulang pero parang wala na akong karapatang maghanap pa.

Gustong-gusto kong magsumbong sa 'yo, Taguro. Hindi ko na naman napigilan ang pamumuo ng mga luha. *Pero hindi ko na alam ngayon kung paano. Gustong-gusto kong sabihin at idetalye sa 'yo ang lahat ng ginawa nila sa 'kin. Pero inalis mo na ang karapatan ko sa 'yo. Bukod do'n ay galit ka sa 'kin at hindi mo na ako tatanggapin. Paano ako lalaban nito kung ikaw mismo ang nawala sa 'kin, Taguro? Marami akong dahilan pero ikaw ang pinakamagandang dahilan sa lahat nang 'yon. Parang awa mo na, bumalik ka sa 'kin. 'Wag mo 'kong iiwan.*

Totoong gusto kong sabihin sa kaniya ang lahat ng ginawa nila sa 'kin. Pero bukod doon ay nakokonsensya ako dahil kung sana ay nakita kong mangyayari ito, hindi na sana ako nagdalawang-isip pang sabihin sa kaniya. Gusto kong sisihin ang takot na naramdaman ko noon dahil sa pag-aalala na

baka kung ano ang mangyari sa kaniya kapag sinabi ko ang mga nalalaman ko tungkol kay Eerah Anitha. Natatakot ako na baka maipahamak ko siya at ang mas marami pang tao sa paligid ko.

Muli ay naalala ko ang mga nangyari, gusto kong magalit kay Eerah Anitha at sa buong pamilya niya. Pero maski 'yon ay hindi ko pwedeng maramdaman ngayon, inaalala ko ang puso ko. Kaunting bugso kasi ng damdamin ko ay naaapektuhan iyon at mas pinahihirapan ako. Gusto ko ring mag-alala tungkol sa mga susunod pang mangyayari. Sa mga posible pa nilang gawin. Hindi pa nasasagot ang mga katanungan ko, iilan lang din ang nalalaman ko. Gusto kong kausapin ang Chairman. Para mahingi sa kaniya ang katotohanan kung bakit nangyayari ang lahat ng ito. Wala akong pakialam kung paniwalaan man nila ako o hindi sa naging pag-uusap namin ni lola sa panaginip ko.

Naisip ko kung ano ang gagawin ni Taguro kapag nalaman niya ang nangyari sa 'kin. Naisip ko kung ano ang mararamdaman niya kapag nalaman niya kung ano ang sitwasyon ko ngayon. Nag-aalala ako sa mararamdaman niya kapag nalaman niyang may sakit ako. Gusto kong malaman kung ano ang iisipin niya kapag nalaman niya ang sitwasyon ng puso ko. Puro si Taguro, puro siya at ako.

Ayaw kong makonsensya siya. Ayaw kong magsisi siya dahil sa kabila ng sakit ko sa puso ay mas pinili niyang masaktan ako. Hindi ko sinasabing sinaktan niya ako pero dahil sa pakikipaghiwalay niya sa 'kin ay nasaktan talaga ako. Alam ko ang pagkakamali ko at hanggang ngayon ay nagsisisi ako ro'n. Pero ang mahalaga sa 'kin ay ang ngayon. Gusto kong makita at makaharap si Taguro. Kahit hindi kami mag-usap, ang mahalaga sa 'kin ay nakikita ko siya. Makatutulong 'yon sa 'kin ngayon.

Gusto ko lang na malapit ka sa 'kin, Taguro, nasa tabi ko at gumagalaw. Kahit masama ang tingin mo sa 'kin, basta gusto ko nakikita kitang gumagalaw.

Sa inihaba-haba nang pag-iisip ko ay hindi ko namalayang nakatulog na naman ako. At nang magmulat ako ay isang panibagong umaga na ang sumalubong sa 'kin. Pinakiramdaman ko agad ang dibdib ko, nandoon pa rin ang kirot at hindi nagbabago. Pero ang katawan ko ay nagagawa ko nang igalaw kahit pa dahan-dahan lang iyon. Kompara no'ng huli akong magising na para akong baldado dahil maski ang igalaw ang kamay ay kailangan nang matinding lakas.

Marahan kong iginalaw ang ulo ko, gusto kong umubo pero nando'n pa rin ang harang sa ilong at bibig ko. Sa halip ay iniangat ko na lang ang kamay ko. Noon ay nagmadaling lumapit sa 'kin si mommy.

"Deib Lohr, anak!" maliwanag ang mukha niya bagaman nando'n pa rin ang lungkot at pag-aalala. **"Baby,"** kinuha niya uli ang kamay ko at inihaplos 'yon sa mukha niya. **"Nandito si mommy, hindi umaalis,"** umiiyak na naman siya. **"Kumusta ang pakiramdam mo, maayos ba?"** tanong niya na isinenyas ang hinlalaki.

Tumango ako bilang tugon, bagaman naibsan ang pag-aalala sa kaniya ay nanatili siyang lumuluha.

Mayamaya ay lumapit si *Noona*, hinaplos nang hinaplos ang buhok ko habang umiiyak din. Pero hindi gaya ni mommy ay pinatatatag ni *Noona* ang sarili. Pinipigilan niyang umiyak at humalik na lang basta sa noo ko.

"You have to be strong, *dongsaeng*. You have to fight, okay?" pagbibigay niya ng lakas sa 'kin. **"Please maging malakas ka para sa 'min?"** Hindi niya rin pala 'yon kayang tagalan dahil bibigay rin pala siya. **"We need you, Deib Lohr. Mahal na mahal ka ni *Noona*. Mahal na mahal ka namin."**

Nang sandaling iyon ay nagmamadaling pumasok sina Chairman at daddy kasunod ang apat na doktor. Tumabi sina mommy at *Noona* para hayaan akong makita ng mga doktor.

Kung ano-ano ang ginawa nila sa 'kin na tumagal nang halos kalahating oras. Pero alinman sa mga iyon ay hindi napagaan ang pakiramdam ko. Umiiyak lalo ako sa sakit sa t'wing may gagalawin silang konektado sa katawan ko. Pero wala akong magawa kundi ang lumuha dahil hindi ko maisigaw ang nararamdaman.

Matapos no'n ay ang sari-saring tanong ng doktor na sinasagot ko lang ng pagtango at pag-iling.

Mayamaya lang ay nakita kong lumayo ang lahat sa 'kin, maliban sa dalawang batang doktor. Nag-usap, nagbulungan, nagdiskusyon sila sa labas ng kwarto, iniwang nakaawang ang pinto.

Wala akong narinig. Nangibabaw sa pandinig ko ang matining na ingay na hindi ko malaman kung sa'n nanggagaling pero parang nasa loob ng tainga ko. Bukod do'n ay malakas din sa pandinig ko ang tunog ng kung anumang makina iyon sa tabi ko, na kanina naman ay katamtaman lang ang lakas. Panay ang paggalaw ng dalawang doktor sa tabi ko, hindi sila mahinto. Lalapit sa 'kin, may titingnan sa katawan ko at saka lalayo at

titingnan ang mga monitor na nasa tabi rin ng kama ko. Hindi ko alam kung ano ang meron sa pinaggagagawa nila sa 'kin. Ilang saglit lang kasi ay nakatulog na uli ako.

At nang muling magising ay mas magaan na ang pakiramdam ko. Maging ang puso ko ay parang milagrong nagbalik sa dati nitong pakiramdam. Mas malakas na ako kompara sa mga nakaraan kong paggising bagaman nanghihina pa rin.

Noon ay nagawa ko nang alisin ang mask sa bibig ko, naibuka ko na rin ang bibig ko at nagawang bumulong. Hindi ko maintindihan kung bakit gano'n na lang ang pagkamangha ko nang marinig ang sarili kong bulong. Para bang noon ko lang uli nagawa 'yon. Nag-ipon ako ng lakas, 'tsaka muling sumubok na magsalita. Pero bago ko pa man magawa 'yon ay nagmamadali na namang lumapit sa 'kin si mommy.

"Deib Lohr," maamo na ang mukha niya kompara no'ng huli akong nagising.

Mas maliwanag na rin ang mukha niya ngayon kesa nang oras na 'yon. Hindi ko tuloy maiwasang matuwa dahil pakiramdam ko ay may nakaamba na siyang sorpresa. At hindi man ako magtanong ay nararamdaman ko na kung sino. Si Taguro. Alam ni mommy kung ano at sino ang kailangan ko. Siya ang higit na nakaaalam no'n sa buong mundo bukod sa 'kin. At alam kong hindi niya ako bibiguin.

Gano'n din ang mababasang tuwa sa mukha nina Randall at *Noona* nang lumapit sa 'kin. **"Ano, kumusta ang pakiramdam mo, *dongsaeng*?"**umaasa niyang tanong. Itinaas ko naman ang hinlalaki para sabihing ayos ako. **"Okay na? Okay na okay na?"** natutuwa niyang tanong. Napangiti ako at saka tumango. **"Thank God!"** naibulalas niya, nakahinga nang maluwang.

"Mom..." Hinawakan ko ang kamay ni mommy.

"Ano, anak? Ano 'yon? May kailangan ka?"kakikitaan siya ng tuwa sa mukha.

"Gutom," sabi ko, mabagal bago ko nagawang hawakan ang tiyan ko.

Lalong nagliwanag ang mukha ni mommy. **"Oo, anak, nakahanda na ang foods mo,"** masaya niyang sabi at saka sumenyas ng sandali at lumayo.

Doon lumapit sa 'kin sina Randall at *Noona*, magkatulong at maingat nilang iniupo ang kama ko. Gusto ko pang matawa dahil sa sobrang pagdadahan-dahan nila, pwede nang magsaing sa pagitan ng sandaling

itinataas nila ang kama. Nagbibilang kasi si *Noona* ng ilang segundong pagitan bago muling pindutin ang buton na siyang nakapagpapaangat sa itaas na bahagi ng kama.

"Nasaan ang mga kaibigan ko, *Noona*?" hirap na hirap kong tanong.

Natigilan si *Noona* nang lingunin ako. Kumunot naman ang noo ko. Bigla ay ngumiti siya at saka muling lumapit sa 'kin. **"Alam na nila ang nangyari sa 'yo. Pero sa ngayon ay hindi ka pa kasi pwedeng tumanggap ng bisita, Deib."**

"Bakit?" mas gusto kong magsalita ngayon nang maikli. Ang dibdib ko ay masyadong naglalabas ng effort para matulungan akong magsalita. Parang ang lalamunan ko kasi ay bumaba nang bumaba at umabot sa dibdib sa hindi maipaliwanag na dahilan.

"Kailangan ka muna kasi naming bantayan ngayon, Deib. Ang sabi ng mga doktor ay limitahan muna namin ang pagtanggap ng bisita," malamlam ang mga mata niyang paliwanag, gustong-gustong ipaintindi sa 'kin ang mga sinasabi. **"Ngayon kasi ay mino-monitor ng mga doktor ang performance ng puso mo,"** malumanay niyang paliwanag. **"At hindi ka muna pwedeng magpabago-bago ng emotions. Kailangang katamtaman lang parati ang nararamdaman mo. Hindi ka pwedeng matuwa masyado, hindi ka pwedeng malungkot masyado, hindi ka pwedeng manabik, maraming hindi pwede, Deib Lohr. Kaya kami-kami na muna ang nandito. Dahil kami ang mas nakaiintindi sa sitwasyon mo. Alam namin ang mga pwede at bawal sa 'yo sa ngayon. Sana ay maintindihan mo."**

Tumitig ako sa kaniya, gano'n din siya sa 'kin. Hindi ko alam kung anong emosyon ang naipapakita ko. Pero dahil natigilan sila, maging si mommy nang makita ako, ay mukhang alam na nilang nagmamatigas ako.

"Gusto kong makita si Taguro," walang emosyon kong sabi. At bagaman gano'n ay gusto kong iparating sa kanilang iyon ang gusto ko at iyon ang kailangang mangyari.

Nagkatinginan pa muna sina mommy at *Noona*bago lumapit sa 'kin nang sabay. Inilapit ni Randall ang overbed table kung saan inilapag naman ni mommy ang kaninang hawak na tray. Pinagpagpag ni mommy ang parehong kamay bago iyon inihawak sa 'kin. Ang mga mata niya ay nagpapaliwanag na kahit wala pa siyang sinasabi. Nangunot ang noo ko at gusto ko agad na magalit.

"Si Taguro," pagmamatigas ko.

"Anak kasi...hindi ka pa pwedeng tumanggap ng bisita ngayon."

"Hindi bisita si Taguro, girlfriend ko."

"Oo nga, Deib Lohr, anak. Pero tayo-tayo lang muna ngayon ang kailangang nandito. Kung papupuntahin kasi namin dito si Maxi ay paniguradong matutuwa ka nang todo."

"Bawal?"

"Oo, anak, eh," naniniwala akong nagsasabi siya nang totoo. Pero nagmamatigas pa rin akong tumitig sa kanya.

"Pero ang malungkot ako ay pwede?" tiim-bagang kong sabi. Natigilan naman silang tatlo. **"Malungkot ako dahil wala siya, mommy, gusto ko siya makita."**

Napabuntong-hininga si mommy at nilingon si *Noona*. **"Sige, papupuntahin natin si Maxi pero sa susunod na araw na, maliwanag ba 'yon?"** tanong muli ni mommy, umiling ako. **"Deib Lohr?"**

"Gusto ko, ngayon."

"Pero, anak, kasi—"

"Alam ba niya na nandito ako?"

Muli silang nagkatinginan, agad na kumuyom ang kamao ko at nagtiim-bagang nang makita ang naging reaksyon nila.

"Hindi," kahit hindi nila sabihin 'yon ay alam ko na. **"Hindi alam ni Maxi kasi ayaw pa muna naming ipaalam. Balak naming ipaalam, anak. Pero iyon ay kapag umigi na sana ang pakiramdam mo? Kasi ay baka mag-alala masyado si Maxi sa iyo."**

Lalong nagtiim ang bagang ko, nangunot ang noo ko. Pero ang dibdib ko ay kusang pinipigilan ang emosyon ko. Takot din ang sistema kong makaramdam uli ng sakit mula sa dibdib ko.

"Ilang araw na 'ko dito?" tanong ko.

"Tatlo," malungkot na sabi ni mommy.

At hindi niya man lang ako hinahanap? Imposible! **"Tumawag ba siya sa inyo?"** tanong ko. Nagkatinginan uli sila bago umiling sa 'kin. **"Tawagan mo siya, *Noona*, baka nag-aalala na siya sa 'kin."**

Pero hindi ako nakatanggap ng sagot. Mas lumamlam ang mga mata nina *Noona* at mommy. Si Randall naman ay nag-iwas ng tingin at tumalikod na lang sa 'min. At dahil hindi na 'yon bago sa 'kin ay alam kong may mali. Pero sa ganitong sitwasyon ko ay imposibleng hindi makarating iyon kay Taguro. At mas imposibleng hindi siya pumunta dito para dalawin man lang ako.

"Hindi niya alam ang lagay ng puso ko?"walang emosyong kong tanong.

Natigilan si mommy. **"A-Anong lagay ng puso mo, anak?"** pinipilit ni mommy ang mangiti.

Tiningnan ko siya nang deretso. **"Na kailangang operahan ng puso ko."**

Natigilan siya lalo, napamaang at agad na namutla. Natutop niya ang sariling bibig. At wala pa man ay parang gusto nang umiyak. Iyon si mommy. Ang mga kilos niya ay predictable na.

"Narinig ko 'yong usapan ninyo ng mga doktor, mom."

"Deib." Napakapit si *Noona* sa hita ko.

"You don't really need to hide it from me. Dahil sa ating lahat ay ako ang nakararamdaman kung ano ang mali sa 'kin,"seryoso kong sinabi. **"Gusto kong makita si Taguro,"** pagmamatigas ko ulit. **"At hindi ako papayag magpaopera kung hindi ko siya makikita."**

"Deib Lohr?" sabay-sabay silang nagulat.

Hindi ako nagsalita. Tumitig lang ako sa kanila at ipinakitang seryoso talaga ako at buo na ang desisyon ko. Alam kong isang mahirap na pagsubok na 'yon para sa kanila dahil kapag sinabi kong ayaw ko ay ayaw ko. Hindi nila ako mapipilit.

Pwera na lang kung ang lahat ng bagay ay may kinalaman kay Taguro. Kahit hindi sila magtanong ay papayag ako.

Nilingon ko ang pagkain at mayamaya lang ay nagmamadaling itinabi iyon ni mommy sa 'kin. Sinubuan niya ako. Tahimik na ang lahat at pare-parehong nag-iisip. Naging matagal ang pagpapakain sa 'kin. Lugaw lang naman 'yon pero hirap na hirap akong lunukin. May minsan pang gusto ko nang huminto sa pagkain dahil parang pati lalamunan ko ay bugbog din. Pero paulit-ulit na sinabi ni mommy na kailangan kong kumain.

"Mommy, si Taguro," kunot-noo kong sabi.

Tapos na akong tingnan ng doktor pero hindi pa rin sila kumikilos para papuntahin si Taguro. Tatahi-tahimik lang ako pero pinapanood ko ang mga kilos nila. Naghihintay akong dalhin nila dito si Taguro.

Wala akong pakialam kung hindi ako kausapin ni Taguro. Dahil sa sandaling iyon ang gusto ko lang talaga ay 'yong makita siyang kumikilos sa harap ko. Kahit magdamag lang kaming magtitigan ay ayos lang sa 'kin. Basta malapit siya sa 'kin. 'Yong nararamdaman ko ang presensya niya at nakikita ako siyang nakatingin sa 'kin. 'Yon lang. Wala nang iba.

Bumuntong-hininga si mommy 'tsaka lumapit sa 'kin. **"Kakausapin ko na muna ang daddy mo."**

"Si Taguro."

"Oo, anak, dadalhin natin si Maxi dito. Papupuntahin natin si Maxi," mahinahon niyang sabi.

Alam kong gusto niya akong pagsabihan at pagalitan sa pagmamatigas ko, pero pinipigilan niya dahil sa sitwasyon ko.

"Anong oras?"

"Mayamaya lang, anak."

"Anong oras, mommy?"

"Ngayon din, anak, kakausapin ko lang ang daddy mo."

"Anong oras?"

Bumuntong-hininga uli siya. **"Dein Leigh, hija, please call your dad outside,"** utos niya dito at saka ngumiti nang lumingon sa 'kin. **"Patatawagan ko na si Maxi, okay?"** Doon lang ako natahimik.

Pumasok nga si daddy at matapos bulungan ni mommy ay nakangiti na itong lumapit sa 'kin. **"Kumusta ang pakiramdam mo, son? Galing ako sa labas, tinitingnan ko lang 'yong ibang resulta ng mga eksamin mo. Kinausap ko na rin 'yong director ninyo at sinabing ilang araw ka pang mawawala."**

"Daddy, si Taguro."

"Ano si Maxi, son?"

"I want to see her."

Bumuntong-hininga siya at pilit na ngumiti. **"Yes, tatawagan namin siya, anak. Pero 'wag kang ma-excite masyado at hindi maganda 'yon sa lagay mo."**

Gustuhin ko mang ma-excite ay hindi ko magawa, daddy. Hindi ko alam kung paano kong haharapin ang taong mahal ko pero nagawa kong saktan. **"Yes, dad."**

"Okay, good," aniya na hinaplos pa ang ulo ko. **"Sandali lang,"** dagdag pa niya 'tsaka inakay si mommy papalayo sa 'kin.

Pinanood ko silang magbulungan at mayamaya lang ay nakangiting ipinakita sa 'kin ni mommy na may idina-dial siya sa telepono.

Gumanti rin ako ng tipid na ngiti. *Hindi ba nila alam na break na kami? Hindi ka ba nagpaparamdam, Taguro?*

Parang bigla ay kinabahan ako, pinipigilan ko pa rin 'yon. Dahil kung bawal 'yon sa 'kin ay takot din naman akong maramdaman 'yon. Hindi ko

alam kung paano ko siya haharapin ngayon matapos nang nangyari. 'Yong mabibigat na salitang binitiwan niya sa 'kin ay parang wakas na talaga. Natatakot akong baka bumalik siya sa dati, 'yong oras na nasasaktan siya dahil sa huli niyang relasyon. Natatakot akong baka ang makaharap kong Taguro ay kasinlamig ng yelong nakabangga ko noon. Natatakot ako kasi alam kong kayang-kaya niya akong bale-walain kapag gano'n.

"She's...not answering the phone," naiwasiwas pa ni mommy ang hawak na cellphone bago tumingin sa 'kin.

Simpleng bagay lang naman 'yon pero hindi ko maintindihan kung bakit parang biglang gumuho ang lahat sa 'kin. Sa sobrang aktibo ng isip ko ay kung ano-ano agad na dahilan ang namuo ro'n. Muli ay naalala ko 'yong sandaling tinalikuran niya ako at sumama siya kay Lovemir. 'Yon na yata ang pinakamasakit na pakikipaghiwalay, hindi maikokompara sa hiwalayan ng iba. Dahil nang sandaling tapusin niya ang lahat sa 'min ay sumama siya sa ibang tao, sa taong pinagseselosan ko. Hindi ko maipaliwanag ang awa na naramdaman ko no'n para sa sarili ko. Napakasakit makitang tinalikuran niya ako at bigla na lang sumama sa iba. Iyon si Taguro, nagagawa niya ang mga bagay na alam niyang ayaw ko. At masakit na para sa 'kin ang katotohanang 'yon dahil nalalaman ko kung hanggang saan lang ako para sa kaniya.

Napayuko ako nang maramdaman ko na naman ang nagsisimulang kirot sa dibdib ko. Nag-iwas ako ng tingin dahil ayaw kong makita nila 'yon. Pero gano'n na lang ang pagkilos ni *Noona* na agad tumingin sa monitor na nasa tabi ko. Hindi ko man nakita ang mukha niya ay mababakasan sa pagiging aligaga niya ang pag-aalala. Dali-dali siyang lumapit sa 'kin matapos no'n.

"Deib, calm down," mahinahong sabi ni *Noona*, hindi ko alam ang tinutukoy niya. Napatingin na lang ako sa monitor na 'yon, mukhang nababasa no'n ang nararamdaman ko. **"Bumibilis ang tibok ng puso mo. 'Yan na nga ba ang sinasabi ko, eh."**

Alam kong gaya ni mommy ay gusto niya rin akong pagalitan. Pero mas pinili niyang magpakahinahon.

"Please just stay calm*, dongsaeng*."

"*Noona*, gusto kong makita si Taguro."Nagmamatigas na naman ako.

"Oo nga, tinatawagan na nina daddy." Sabay naming nilingon ang mga ito pero sumenyas na naman si mommy na nagsasabing hindi sinasagot ni Taguro ang tawag.

"Tatawagan ko si Maxwell," prisinta ni Randall na sana ay kanina niya pa ginawa. Sa kanya naman nabaling ang buong atensyon ko, ang bawat kilos niya ay pinapanood ko at nag-aabang ako ng pagbabago. **"Yes, bro,"** tumitig si Randall sa 'kin. **"Are you with Maxpein?"** pero mayamaya lang ay nagbaba ng tingin si Randall at umalis sa harapan namin. Lumabas siya ng kwarto na siyang nakapagpakunot ng noo ko.

Sumama ang tingin ko sa pinto at napapikit sa sobrang inis. *Bakit ba hindi niya sinasagot 'yong tawag? Bakit naman kailangang sa labas pa makipag-usap kung may signal naman dito?***"Nasa'n na ba siya?"** wala sa sariling sabi ko, hindi na napigilan ang namumuong inis.

Dali-dali na naman silang lumapit pero iniiwas ko na ang kamay kong akmang hahawakan ni mommy. Sumasama ang loob ko, nagsisimula nang mangibabaw ang emosyon ko. Gusto kong kumilos para ako na mismo ang tumawag sa kaniya pero hindi ko magawa. Ako mismo ay natatakot sa kaniya. Kaya sa halip ay pinagkrus ko ang mga kamay ko at saka ako nag-isip. Pero anumang isipin ko ay naaalala ko lang 'yong mga sinabi niya. At 'yong galit na nakita ko sa mukha niya nang sabihin niyang hiwalay na kami.

Lumamlam ang mukha ko nang hindi ko namamalayan. **"She's not coming."**

"Anak, that's not true. Kilala natin si Maxi. Pupunta 'yon. To be honest with you, hindi pa namin sinabi sa kaniya ang tunay mong lagay. But I'm sure na alam niya nang nasa hospital ka," pinipilit ni mommy na pasayahin ang boses. **"Imposibleng hindi niya alam 'yon kasi ang bestfriends mo ay dumalaw na dito."**

"She's not coming."

"Deib Lohr, darating si Maxi," sabi naman ni daddy.

"She's not. Because she already broke up with me," bigla na lang 'yong lumabas sa bibig ko at kasunod no'n ay ang pagpiyok ng tinig ko.

Natigilan silang lahat at naging mabagal ang paglapit sa 'kin nina mommy at *Noona*. Si daddy naman ay nakikita ang gulat kahit pa takpan niya ang bibig.

"Anak," hindi makapaniwalang sambit ni mommy. **"Why are you saying that?"**

Nilingon ko siya. **"Dahil 'yon ang totoo, mommy,"** pinigilan ko ang emosyon. **"Nang gabing mangyari sa 'kin 'to ay mismo ring gabi na nakipaghiwalay siya sa 'kin."**

Nasapo ni daddy ang noo at napahilamos na naman sa mukha. Lumapit siya kay mommy 'tsaka hinawakan ito sa balikat. **"Ang sabi ng doktor ay 'tsaka na natin ito pag-usapan, Lacey,"** pabulong niyang sabi at saka ngumiti sa akin. **"Don't worry, son, pupuntahan na lang namin si Maxi."**

Nagliwanag ang mukha ko. **"Totoo, dad?"**

"Of course, I'll do everything just to see you happy, anak," nakita ko ang pamamasa ng mga mata niya. **"I'll do everything for my son because that's what you deserve, son."**

"I'll wait for you," walang emosyon kong sabi. Bigla ko kasing naramdaman na baka hindi sumama si Taguro, mabibigo kaming pare-pareho.

Pinakiusapan ako ni *Noona* na magpahinga na. Umakto pa siyang ibababa na uli ang kama ko pero pinigilan ko siya. Pinanood ko sina mommy't daddy na maghanda. Gusto kong makita silang papaalis para sunduin talaga si Taguro. At nang makaalis nga sila ay saka ako nahiga. Pero hindi pa rin ako nakatulog dahil sabi ng isip ko ay hihintayin ko siya hanggang sa makarating siya dito.

Hindi na nahinto sa pagiging aktibo ang utak ko. Kung ano-anong naisip kong magiging reaksyon ni Taguro kapag nakita ako. Gusto kong isipin na magso-sorry siya sa 'kin o kahit hindi na. Basta bawiin niya lang ang pakikipaghiwalay sa 'kin. Pero nangingibabaw sa 'kin ang pagkakakilala ko sa kaniya. Sa madilim na parte ko ay nakikini-kinita ko na ang galit niya sa oras na makita ang lagay ko, at lalo na kapag nalaman niya pa ang sitwasyon ko. Paniguradong magsasalubong na naman ang kilay no'n at puro pambabara ang isasagot, senyales na galit na siya.

At syempre, dahil mayabang nga siya ay hindi niya sasabihin kung ano ang gagawin niya. Basta na lang siya bubuo ng plano sa isip niya at bago mo pa malaman 'yon ay ginagawa niya na.

Lumipas ang ilang saglit, pumasok si Chairman sa kwarto. Napako agad ang paningin namin sa isa't isa hanggang sa tuluyan siyang maupo sa tabi ko. Hindi ko inalis ang paningin sa kaniya, gano'n din naman siya sa 'kin. Dinig na dinig ko ang ilan sa mga pagmamakaawa niya bago ako mawalan ng malay nang gabing nangyari ito sa 'kin. At hindi ko 'yon makakalimutan. Ngayon naman ay nagtataka ako kung bakit gano'n na lang ang tingin niya sa 'kin. Kahit kailan ay hindi ko pa nakita ang gano'ng mga tingin sa kaniya. Tingin na animong humihingi ng tawad. Iyong tingin na para bang sarili

ang kaniyang sinisisi sa nangyari sa 'kin. Iyong tingin na hinihiling na sa halip na ako ay siya na lang sana ang nagkaganito. Nakapagtataka.

"Chairman, ihahatid lang po ako ni Randall sa bahay. Kailangan ko kasing matingnan din si RD," paalam ni *Noona* habang nag-aayos na ng gamit. **"Kayo na po muna ang bahala kay Deib Lohr, babalik din naman agad po si Randall."**

"Ayos lang," sagot ng Chairman na hindi inaalis ang paningin sa 'kin.

Narinig kong nagpaalam si *Noona*. Lumapit siya at humalik sa 'kin pero hindi ko pa rin nagawang alisin ang paningin ko sa Chairman.

Gusto kong magsalita para magtanong, pero hindi ko nagawa. Noon kasi ay agad na namanglaw ang mga mata ko at agad din akong nakatulog.

Pero hindi rin nagtagal ay nagising ako nang may maramdamang naupo sa mismong tabi ko. Naramdaman ko sa hita ko ang bigat ng kung sinong dahilan para magmulat ako ng mga mata. Sa dibdib ay bitbit ko ang matinding pag-asa na si Taguro na iyon.

Pero gano'n na lang ang panlalaki ng mga mata ko nang makita kung sino ang nasa harapan ko. Isang lalaking nakasuot ng itim, lahat ay itim. At may tabing ang mukha dahilan para hindi ko iyon makita. Nangunot agad ang noo ko at hinanap si Chairman Enrile, upang muli lang akong magulat dahil nakita ko na siyang nakatali.

"Ano na naman ang kailangan mo?" hindi ko na napigilan ang galit sa dibdib ko.

"Kumusta ang lagay mo?" tanong ng lalaki, hindi pamilyar sa 'kin ang boses niya. **"Kumusta ang puso mo? Gumagana pa ba o nanghihina na talaga?"**

Hindi ko makitang ngumiti siya pero base sa mga mata niya ay mukhang gano'n nga. Hindi niya ako hinintay na magsalita dahil matapos niyang bumuntong-hininga ay nilingon niya si Chairman. Na noon ay kasalukuyang kumakawala sa pagkakatali sa single sofa.

"Hindi ka man lamang kakitaan ng pagsisisi, Chairman Enrile? Bakit ganoon ka?"nakakainsulto ang tinig ng lalaki.

"Lubayan mo ang pamilya ko," banta ni Chairman Enrile.

Kung paanong nangyaring nakatali siya ro'n ay hindi ko alam. Nag-iisa ang lalaking ito at hindi ko alam kung paano niya nagawa 'yon. Bagaman makikita talagang malaki ang pangangatawan nito, hindi ganoon kaliit si Chairman.

"Pumarito ako para sabihing hindi pa dito natatapos ang lahat, Chairman Enrile. Marami pang kasunod na mangyayari. Pero bibigyan namin kayo ng pagkakataong tapusin ang taon na ito para hindi naman tuluyang mawasak ang mga buhay ninyo. Hindi naman kami katulad mong walang pakialam sa ibang buhay, kahit na sino ang madamay basta magtagumpay. Hindi kami ganoon kasama, Chairman Enrile,"makahulugang anang lalaki 'tsaka muling bumaling sa 'kin. **"Magpagaling ka, bata. Magtutuos pa tayo,"** dagdag niya at saka tumayo.

Kinalagan niya si Chairman Enrile at saka dinuro ito sa mukha na para bang sinasabing 'wag gagawa ng anumang kilos. Paatras na naglakad papalayo sa 'min ang lalaki. At nang mahinto sa pinto ay 'tsaka tumalikod. Iniharang niya ang isang itim na bullcap sa likuran ng ulo 'tsaka hinubad ang suot na tabing sa mukha. Matapos no'n ay nakayuko siyang lumabas ng kwartong 'yon.

Narinig kong napamura si Chairman pero hindi ko nagawang alisin ang paningin ko sa pintong 'yon. Gusto ko na talagang magalit, naaawa ako sa sarili ko at lalong-lalo na sa pamilya ko. Naalala ko ang takot nina mommy't daddy nang gabing pasukin ang bahay namin. Maging ang takot sa mga mata ni Chairman ngayon lang. Pero hindi ito ang tamang oras para magsisihan dahil wala kaming kakayahan. Wala kaming laban sa lahat ng bagay.

"I don't know what to do anymore, Deib Lohr. I don't know what to do anymore," lumuluhang ani Chairman, hindi ko siya magawang lingunin. Pero sa halip na sisihin siya ay hindi kapani-paniwalang nakaramdam ako ng awa para sa kaniya. **"Hindi ko alam kung ano ang nagawa ko sa mga taong iyon para gawin nila ito sa atin. Maniwala ka sa akin, hindi ko alam kung ano ang nagawa ko para paghigantihan at pahirapan nila tayo nang ganito."**

Hindi ko nagawang magsalita, nanatili akong tulala. Pero mayamaya lang ay naalala ko ang mga ginawa ni Eerah Anitha at ang kasunod no'n ay ang ilan sa mga huling sinabi niya. Nagpaulit-ulit ang mga iyon sa pandinig ko hanggang sa ako na rin mismo ang nagsawa. Hindi ko pa rin maintindihan. Gusto nilang maghiganti sa amin at sa mga Moon sa hindi niya masabing dahilan. Wala akong mahitang bagay na ginawa ng pamilya naming pareho ni Taguro para makaagrabyado ng tao. Taong ganito na lang katindi ang paghihiganti. Pero kung ganito katindi ang kaya nilang gawin ay natatakot

na ako, hindi malabong magawa niya nga kay Maxpein ang ibinabanta niyang gagawin.

MAX'S POV

Dumeretso ako sa kwarto pagkauwi. Nagpahinga lang ako sandali at saka mabilis na naligo. Sinadya kong bilisan ang pagligo dahil ayaw kong mag-isip. Ayaw kong may maalala.

Pero sa paghiga ko sa kama ay parang nananadyang nanuot sa isip ko ang lahat nang nasaksihan ko. Kung saan ang bawat detalye nang nakita ko ay nagliwanag lahat sa isip ko. At wala na akong ibang nagawa kundi ang tahimik na maluha. Iyon na ang pinakamahabang iyak na ginawa ko. Kung saan maging ang kasuluk-sulukan ng katawan ko ay nasasaktan. Blangko man ang mukha ay patuloy lang sa pagluha.

Hindi ko na alam kung anong klaseng sakit pa ba ang maipapangalan doon. Dahil buong akala ko ay napangalanan ko na ang lahat. Ang lungkot-lungkot ng puso ko, parang wala iyong balak na ngumiti uli. Ang bigat-bigat sa pakiramdam. Parang may kulang at ang hirap-hirap lunukin ng katotohanan.

Kailangan ba talagang maging ganito kahirap ang isang relasyon? Hindi ko na alam kung paano akong babangon ngayon.

Ayaw kong mawala sa 'kin si Sensui. Pero sa lagay namin ngayon ay hindi ko alam kung paano ko pa siyang tatanggapin.

Bakit si Sensui pa, Eerah? Bakit siya pa?

Gusto kong magwala sa galit lalo na nang maalala ko ang mga sinabi niya. Gusto kong sisihin ang sarili ko dahil pakiramdam ko ay hindi ko talaga nagawang bakuran si Sensui kaya naharbat niya.

Pag-aari ko 'yon, eh. Pag-aari ko.

Ayaw ko pa ring maniwala sa nakita ko, hindi ko pa rin matanggap. Dahil sa isang bagay na hindi ko maibigay ay pinili niyang saktan ako.

Hanggang gano'n na lang ba tayo? 'Yon lang ba ang gusto mo?

Hindi ko alam kung mandidiri ba ako. Malaking parte sa dibdib ko ang may matinding pagkadismaya para kay Sensui. Hindi ko kailanman naisip na posible palang mangyari ang ganitong bagay. Maraming dahilan para ma-turn off ako sa kanya. Pero ngayon ko lang naramdaman iyon. Dahil iyong mga naunang dahilan ay nagagawang matakpan ng kaibahan niya sa ilang lalaking nakilala ko.

Alam kong may mga pagkakamali at pagkukulang ako. Kakaiba ang ugali ko at hindi ako kasing sweet ng mga babaeng nasa paligid mo. Pero

hindi naman siguro sapat na dahilan 'yon para ganituhin mo ako, 'di ba? Wala naman akong ginawa kundi ang higitan ang pagmamahal mo. Pero bakit kailangan mo akong saktan sa ganitong paraan?

Akala ko kanina ay ayos na ako, nagawa ko na kasing makipagpalitan ng salita kay Lovemir. Pero hindi pa rin pala dahil ngayong mag-isa na ako ay bumabalik ang sakit na parang naidlip lang sa puso ko. Nahihirapan tuloy akong kumilos ngayon, nabibigatan ako sa lalamya-lamya kong katawan. It feels like I'm losing myself more and more, every second. And the sad thing is I still don't hate him.

Hinayaan ko ang sariling alalahanin ang mga nangyari mula sa Palawan. Iyong unang beses na makita ko silang nag-uusap ni Eerah Anitha. Maging ang sandaling sabihin niya sa 'kin na nasa lugar na ito ang babaeng 'yon. Ang pag-amin niya nang halikan siya nito. Lahat iyon ay hinayaan kong maglayag sa isip ko. Inalala ko ang bawat kilos na nakita, napansin at naramdaman ko. Lahat ng pagkakataong nakita ko silang magkasama. Ang mga bagay-bagay na nagbago kay Sensui mula nang dumating ang babaeng 'yon. Ang mga pangyayari na may kinalaman kay Eerah Anitha. At ang mga sitwasyong siya ang dahilan. Lahat iyon ay inipon ko lang at itinambak sa isip ko.

Kaya naman kinabukasan nang magising ako ay hindi ko na ipinagtaka kung bakit ganoon na kalamig ang puso ko, animong may yelong tinunaw doon.

Pamilyar sa 'kin ang pakiramdam. Hindi na ako naninibago ro'n dahil ilang beses ko nang naramdaman 'yon. Pero hindi ko maiwasang malungkot dahil si Sensui na ang dahilan no'n ngayon. Bagay na hindi ko kailanman inakalang posible palang mangyari. At ang nakakatawa pa ro'n, ako mismo ay hindi matanggap na posible kong maramdaman 'to sa kaniya.

Sunod-sunod na katok ang nakapagpatinag sa 'kin. Hindi ko man lang nagawang lingunin ang pinto. Nanatiling nakatuon sa kung saan ang paningin ko at wala akong balak alisin 'yon do'n. Wala akong ganang kumilos, ayaw kong pumasok.

"Max! Max, gising na!" mayamaya lang ay nangibabaw ang tinig ni Naih, hindi pa rin ako natinag. **"Baka ma-late tayo! Kumilos ka na diyan, ah?"** at narinig ko ang mga yabag niya papalayo sa kwarto.

Hindi ko alam kung gaano akong katagal na nanatiling gano'n. Napansin ko lang 'yon nang muli siyang kumatok at tumawag.

"Max, ano? 'Wag mo sabihing tulog ka pa?"aniya habang patuloy na kumakatok. **"Max! Quarter na, 'oy! Baka natutulog ka pa! Max!"**wala akong planong pagbuksan siya.

Maski ang sagutin ang pagtawag niya ay hindi ko balak sagutin. Hinayaan ko lang ang sariling matulala sa kanina ko pang tinitingnan.

May narinig akong bulungan sa labas ng pinto at ang sumunod na nangyari ay nagpaalam na si Naih. Muli ay nagpatuloy lang ako nang hindi napapansin ang pagtakbo ng oras. Panay rin ang pagkatok ni Yaz pero maging siya ay hindi ko pinagbuksan. May sandali pang tumunog ang cellphone ko. Nakita ko ang pangalan ni Randall nang lingunin ko 'yon pero hindi ko na lang pinansin. Naglayag nang naglayag ang isip ko sa galit, lungkot, sakit at paghahanap ng sagot.

Sa isang iglap ay nabago ang lahat. Nawala sa 'kin ang taong mahal ko na hindi ko kailanman naisip na pwede palang mawala sa 'kin. Ang taong handa kong gawin ang lahat para lang maprotektahan.

Naluha ako nang maisip na dumaan ako sa proseso para protektahan ang pamilya ko. Iyong proseso na tila naging impyerno ko sa reyalidad. Mas napaluha ako nang maalala kung gaano katindi ang galit at hinanakit ko sa pamilya ko dahil nag-iisa ako, ilan silang poprotektahan ko. Pero mula nang mahalin ko si Sensui, ni hindi ako nagdalawang-isip na protektahan maging ang kaniyang pamilya. Iyong mga dating inirereklamo ko, dahil sa mura kong edad ay nagkaroon ako ng responsibilidad, nilunok ko nang dahil sa kaniya. Nilunok ko ang lahat ng sumbat at hinanakit na ibinato ko noon sa pamilya ko. Kinain ko ang lahat ng paninisi ko sa kanila. At nakakahiya dahil hindi ako nakaramdam ng kahihiyan, o humingi ng tawad man lang. Dahil nang matuto akong magmahal nang lubusan, hindi ako nakaramdam ng alinlangang ibahagi ang aking kakayahan para sila maprotektahan. Lalo na siya. Hindi ko siya sinisisi. Pero iyong pagbabago ko, iyong pagpapalawak ko sa isip at damdamin, na siya ang dahilan, parang nalusaw dahil sa masakit na dahilan.

Alam ko kung gaano akong katagal na nanatili sa gano'ng sitwasyon. Pero hindi ko alam kung paano ko nagawang tagalan iyon. Noon ko lang uli nagawang matulala sa iisang lugar nang hindi kumikilos. Noon lang uli ako dinaanan ng araw at gabi nang nasa iisang posisyon. Ang pinagkaiba lang ng sitwasyong iyon ay dalawang araw at dalawang gabi ang lumipas. At hindi kapani-paniwalang hindi pa rin ako makaramdam ng gutom hanggang

ngayon. Nang ikatlong araw lang ako nagkaroon ng lakas para kumilos. Hindi ko tiningnan ang oras dahil basta na lang ako naligo at nagbihis.

"'Buti naman at lumabas ka na?" nangibabaw ang boses ni Naih nang makalabas ako ng kwarto. Kahit anong pagtataray niya ay hindi niya maitatanggi ang pag-aalalang umaapoy sa kaniyang mga mata. **"Bihis na bihis ka, ah? May lakad ka?"**

"Oo."

"Hindi ka papasok?"

"Ganito na ba ang uniform natin ngayon?"sarkastiko kong tanong na ipinakita ang itim na jeans ko pataas sa sando at leather jacket ko.

"Ano ba'ng nangyayari sa 'yo, Max? Ilang araw ka nang hindi pumapasok, ah? May problema ba?"

"Wala."

"Alam kong may problema ka."

Ngumisi ako at palihim na umiling 'tsaka humarap sa kaniya. **"Alam mo naman pala, eh, ba't nagtanong ka pa?"** sabi ko at saka tinalikuran siya.

Naramdaman ko agad ang pagsunod niya. **"Ano na naman ba ang problema, ha? Sabihin mo sa 'kin nang makatulong naman ako sa 'yo."**

"Pumasok ka na lang."

"At pa'no ka? Hindi ka na naman papasok? Hinahanap ka na ng mga lec natin."

"Papasok ako kung kailan ko gusto, Naih,"dumeretso ako sa kusina at kumuha ng tubig sa ref. Noon ko lang naramdaman kung gaano katuyo ang aking lalamunan. Hindi lang tatlong baso ang nainom ko. Kung alam ko lang sana ay hindi baso kundi pitsel ang ininuman ko.

"Max, alam mo namang huling tyansa mo na 'to, 'di ba? Ano ba ang nangyayari na naman sa 'yo?" kunot na kunot ang noo niya. **"Ilang araw ka nang absent, ano ba kasi ang problema?"**

"Gusto mo talagang malaman?" lumapit ako sa kaniya.

"Oo," matigas niyang sabi.

"Matuto kang maghintay," sabi ko 'tsaka tinalikuran siya at dumeretso palabas ng mansyon.

Hindi ko kailangang magpaliwanag sa kahit kanino. Gagawin ko 'yon kung 'yon ang gusto ko. Pero sa sandaling ito ay hindi ko kailangan ng kausap. Gusto ko lang mapag-isa.

Mabilis kong minaneho ang motor ko, napakabilis at walang hinto. Sa oras na 'yon ay nagawa kong ituon sa daan ang atensyon ko bagaman ang

isip ko ay patuloy sa paglalakbay. Kakatwang magkaiba ng tinutungong landas ang katawan at kaluluwa ko. Hindi ko alam kung gaano katagal akong nagbyahe. Ang tanda ko lang ay hindi ko halos nagamit ang break hanggang sa marating ang outdoor firing range na madalas puntahan ng mga Moon.

Dahil hindi ako madalas sa lugar na 'yon ay hindi ako nakilala ng security guards. Pinahubad pa ang brown leather jacket at shades na suot ko 'tsaka ako kinapkapan ng babae. Sa sobrang tagal ng ginagawa niya ay inis kong hinugot ang wallet ko at inilabas doon ang ID ko bilang isang Moon.

Masama ang tingin ko sa babaeng guard habang ito naman ay nagulat 'tsaka tumingin sa 'kin na animong humihingi ng pasensya. Hindi na ako nagsalita, isinilid ko ang ID at saka ko muling pinaharurot ang motor papasok.

Dumeretso ako sa clubhouse kung saan naro'n ang information desk. May ilang natigilan na naman nang makita ako at agad na kumilos nang makabawi. Batid kong hindi rin ako kilala ng mga iyon. Hindi imposibleng nagawa na iyong itawag ng guards.

Wala ako sa mood para makipagkumustahan sa kanila kaya naman nang makita nila ang hitsura ko ay agad na rin silang kumilos para asikasuhin ako. Agad na lumapit sa 'kin ang range safety officer matapos kong mag-log in. Inalalayan niya ako papasok sa area at ibinigay ang mga gagamitin ko. Wala siyang hinto sa kakakuda, wala pa man akong naririnig na putok ay naririndi na ako.

May indoor at outdoor range. Iyong outdoor ang pinili ko. At dahil sa lagay ng pag-iisip at dibdib ko ay iyong may pinakamalayong metro ang pinili ko. May nakahanda nang stationary sa napili kong pwesto. Kaya naman habang isinusuot ang mga gear ay pinakinggan ko ang rules and regulations na isa-isang idinidikta ng officer. At nang matapos siya at balak niya pa sana akong purihin nang tabingan ko na ang aking tainga.

Naging marahas maging ang pagkasa ko sa baril, ang unang bala ang gusto kong iasinta. Hindi naman ako nabigo dahil matapos kong sipatin ang pinakagitna ay iyon mismo ang aking tinamaan. Sunod-sunod na matapos no'n ay wala akong balak na huminto hangga't hindi nauubos ang pulang marka na aking nakikita.

Hindi ko nagawang pigilan ang paglalayag ng isip habang patuloy pa rin sa pagbaril. May kung ano kasing kaginhawahan iyong idinudulot sa dibdib

ko pero lalo lang din niyong binubuhay ang galit ko. Halos maubos ko ang stationary sa sobrang dami ng bala na nagamit ko.

Pero hindi pa rin ako nakontento. At dahil wala nang espasyo sa stationary ay itinaas ko ang baril at iyong dumaraang ibon ang binaril. *Sapul!* Kaya naman gano'n na lang kalalim ang paglunok ng officer nang matapos ako.

"That's a violation, Miss Moon. I discussed the rules and regulations before you start," sita niya, sinamaan ko siya ng tingin. **"You're really—I mean you're very-very good, Miss Moon."** Papuri niya na todo ang pagkakangiti. **"But I think Miss Heurt Park is better. Mukha kasing may pinagdaraanan lang kayo kaya..."**

Tiningnan niya ang stationary na halos puro butas na saka nakangiwing umiling.

"Ganito ang kinalabasan ng practice niyo,"patuloy niya. Nagpakawala ako nang malalim na hininga nang harapin siya. Nakangiwi niyang hinablot ang stationary at sinuri. **"Hindi ko pwedeng bigyan ng grade ito, Miss Moon. Better luck next time."**

Mataman ko naman siyang tiningnan. **"Ikaw ang tumayo ro'n kung gano'n,"** suhestyon ko habang itinuturo ang puwesto na siyang inaasinta ko. **"Para malaman mo na rin kung gaano kalalim ang pinagdaraanan ko."**

Nanlaki ang mga mata niya. **"I'm sorry, Miss."**Nagbaba siya ng tingin.

"Tss," sininghalan ko lang siya ng tingin 'tsaka ko hinubad ang mga gear. **"Sa susunod ay tao ang gusto kong pagpraktisan."**

"T-Tao po?"

"Oo," hinarap ko siya. **"Ikaw mismo para hindi mo makalimutan."** Iniabot ko sa kaniya ang vest at saka ko siya tinalikuran.

Hindi kapani-paniwalang totoong gumaan ang pakiramdam sa dibdib ko. Hindi na tuloy gano'n kabilis ang pagmamaneho ko. At dahil hindi pa gano'n kadilim ay sa TB na lang muna ako dumeretso. Ayaw kong umuwi at mabungangaan nina Naih at Yaz.

Nagulat ang mga bakla nang makita akong nakaupo sa bar island.

"Ano ang aming maipaglilingkod?"nakangiting bungad ni Barb.

"Katahimikan," tanging sagot ko 'tsaka sumenyas kay Beka. **"Isang beer."**

"Beer," dinig ko pang bulong ni Jep. **"Katahimikan pala ang gusto mo, eh, di sana ay doon ka sa sementeryo dumeretso?"**

Hinarap ko siya at gano'n na lang ang nakangiwing pag-iwas niya. **"Wala ako sa mood para makipagbiruan ngayon,"** sabi ko at saka tumalikod sa kanila.

Naupo ako sa table, sa harap mismo ng bandang kasalukuyang nag-a-assemble ng mga instrumento. Mayamaya lang ay may kamay na naglapag ng fries sa mesa. Matagal bago ako nag-angat ng tingin dito. Si Heurt.

"Tumawag sa akin iyong staff ng O-club, galing ka raw ro'n?" hindi na ako sumagot. Ang mga gano'ng bagay ay hindi na dapat idinadaan sa tanong. Hinila niya ang katabi kong silya at naupo ro'n. **"'Wag mo hayaang sirain ng galit ang buhay mo, Maxpein,"** seryoso niyang sabi habang tulad ko ay nakatanaw sa banda na kasalukuyan nang naghahanda para tumugtog.

"Kung gano'n ay hahayaan ko na lang na sirain ng mga may galit sa 'kin ang buhay ko, Heurt?" nilingon ko siya. **"Nananahimik ako, dumating ang mga 'yan at unti-unting sinisira ang buhay ko. Mananahimik na lang ba 'ko?"**

"Hindi iyan ang ibig kong sabihin, Maxpein. Maghinay-hinay ka, iyon ang pinupunto ko. Nag-aalala akong baka nang dahil sa nangingibabaw mong galit ay kung ano ang gawin mo sa kanila."

"Hindi ako kumikilos basta-basta, alam mo naman 'yon." Tinungga ko ang beer at sumenyas kay Beka para magdala pa sila. Sandaling katahimikan ang nangibabaw sa pagitan namin ni Heurt. Itinuon ko ang paningin ko sa banda pero parang wala akong naririnig at nakikita.

"Noon ay wala ring direksyon ang buhay ko pero nagkaro'n nang makilala ko ang daddy mo. Ang kaso dahil sa uri ng buhay na meron ako ay hindi ko siya pwedeng panindigan kahit na kaya ko naman." Natinag ako sa pag-amin niya, sandali akong natigilan pero hindi gumawa ng kilos. **"Minahal ko ang daddy mo pero dahil komplikado ang buhay na meron ako ay nagpaubaya ako. Lumayo ako sa kaniya at matagal na hindi nagpakita. Ang naisip ko kasi ay hindi magiging maganda ang buhay niya kasama ako."**

Sandali uli akong natigilan, sa hindi maipaliwanag na dahilan ay agad na namasa ang mga mata ko. **"Bakit pakiramdam ko ay sinasabi mo sa 'kin 'yan para magpaubaya na rin ako?"** nilingon ko siya, nangunot ang noo niya.

"H-Hindi iyan ang ibig kong sabihin, Maxpein. Pasensya ka na."

"Hindi niya pa ako lubos na kilala. At hindi malabong maging komplikado rin ang buhay niya kapag ako ang pinili niyang makasama."

"Maxpein..."

Hindi ko nagawang makapagsalita nang i-serve ni Manyur ang mga inuming in-order ko. Sandali na namang katahimikan ang nangibabaw sa 'min at matapos kong ubusin ang isa pang bote ay 'tsaka ako nagsalita.

"Gusto ko muna sanang mag-solo ngayon, Heurt," hindi ko siya nilingon. **"Pwede mo bang gawin 'yon?"**

Bumuntong-hininga siya at tumayo. **"Babantayan kita sa malayo,"** aniya 'tsaka iniwan ako.

Uminom ako nang uminom pero hindi na nawala sa isip ko ang mga sinabi ni Heurt. Nagpaulit-ulit 'yon sa pandinig ko na siyang bumubuhay sa lungkot na nasa dibdib ko. Wala na sana akong balak na makaramdam pa ng lungkot, puro galit ang nangingibabaw sa 'kin. Pero nang sandaling iyon ay hindi ko na rin napigilang isipin muli si Sensui at ang mga huling bagay na nakita kong ginagawa niya.

Hindi ko siya kayang isuko. Sa lahat ng kaya kong maramdaman sa kaniya, pagsuko ang wala.

Napapikit ako at naihilamos ang mga palad sa mukha. Hinayaan ko lang ang sarili ko sa gano'ng posisyon, akala ko ay maiiyak ako pero hindi. Hindi man lang namasa ang mga mata ko at sa halip ay panay pagbuntong-hininga ang ginawa ko. Nakayuko ako nang magpatuloy, sunod-sunod na sumubo ng fries at tumungga sa bote. Hindi ako nakokontento, sumenyas ako kay Manyur na mabilis namang lumapit. Um-order ako ng sigarilyo at napapikit sa unang hithit.

Agad kong naalala ang mga sinabi ko kay Sensui kung bakit ko ihininto ang bisyo. Pero gano'n kabilis ko ring naalala ang unang beses ko silang makitang magkausap ni Eerah Anitha. Matapos no'n ay nangibabaw sa 'kin ang sunod-sunod na pangyayari. Na hanggang ngayon ay hindi ko pa rin mahulaan ang pinagmulan.

King inang 'yan...

Litong-lito ako at hindi malaman kung alin ang unang iisipin. Hanggang sa maalala ko si Lovemir at pagpapakatotoo niya. Hindi ko maintindihan ang mga kilos niya. Masyadong totoo ang mga iyon para patuloy kong paghinalaan. Matagal ko na rin siyang nakakasama, ilang buwan na, wala pa rin akong mahitang sagot sa kaniya.

Siguro ay kailangan ko siyang makausap nang masinsinan. Kailangan ko ng sagot mula sa 'yo, Lovemir. Kailangan kong magsalita ka.

Hindi na muli ako nag-isip pa. Gaya kanina ay itinuon ko na lang sa banda ang paningin ko, ipinagpapasalamat ang masasaya nilang tugtugin. Dahil kung nagkataong malulungkot ang mga kantang naririnig ko ngayon ay baka hindi ko na magawang ubusin ang mga boteng inihatid sa mesa ko.

Matapos ang halos apat na oras at tumayo ako at nag-iwan ng pera sa mesa. Walang sabi-sabing nilisan ko ang lugar na 'yon. At parang nakalutang na namang sumakay sa motor ko. Magsusuot na sana ako ng helmet nang may mapansin akong itim na kotse sa dulong bahagi ng parking lot. Gusto kong mapangisi nang makita ang dalawang taong nakaupo sa harapan at parehong may tabing sa ulo.

Pumadyak ako at pinag-ingay ang motor hanggang bumuo 'yon ng pinaghalong usok at alikabok mula sa malupang kalsada. Namuo ang alikabok sa ere at paniguradong hindi nila ako nakikita. Nag-iwan ako ng tatlong busina na siyang naging huyat ng pag-alis ko. Tumingin ako sa side mirror at kitang-kita ko ang pagbuhay ng ilaw nila sa harapan, doon ako napangisi.

Kailan pa nila 'ko sinusundan? Noon lang ako hindi nakaramdam. Kung natunton nilang nasa TB ako ay hindi imposibleng kanina pa nakabuntot sa 'kin ang mga iyon.

Nagpatuloy ako at mayamaya lang ay nasa likuran ko na sila. Swabe ang daloy ng trapiko. Kadalasan ay mas ginaganahan akong magmaneho kapag gano'n. Pero hindi ngayon, may kung anong pananabik ang mga kamay kong makapanapak ng tao kaya binagalan ko.

Hindi nga nagtagal ay ginitgit nila ang motor ko dahilan para mapunta ako sa kabilang linya. Patungo sa kalsada kung saan bibihira ang dumaraan. Madilim dahil wala masyadong ilaw maliban sa liwanag na nagmumula sa pareho naming sasakyan. Pinaharurot ng driver no'n ang kotse para maunahan ako at huminto sa gawing natatanaw ko. Pinaarangkada ko ang motor at patagilid na huminto. Iyong paghinto na sa sobrang swabe at ganda ay tatatak ang usok ng motor ko sa utak nila.

Nanatili akong nakasakay sa motor dahil gano'n din sila. Ang nasa driver's seat ay ipinatong ang kaliwang braso sa bintana ng kotse at saka lumingon sa 'kin. Naupo naman ako nang deretso at saka siya nilingon. Matagal na titigan, mata sa mata at wala nang ibang nakikita bukod sa mga iyon.

Agad na nagliyab ang galit sa dibdib ko. At kung pwede lang sana ay ako na ang unang susugod sa kanila. Pero hindi gaya nila ay wala akong ibang dala kundi ang sarili kong lakas.

Naunang bumaba iyong pasahero. Hindi nito alam ang pananabik ko na makita uli siya sa gano'ng suot. Purong itim mula ulo hanggang paa. Itim na tabing sa mukha, itim na jacket na nakasara, itim na pants at itim na sapatos. Maging ang mga kamay niya ay may suot na itim na gloves dahilan para tulad ko ay mata lang ang makita. Mas astig nga lang ang sa 'kin dahil mamahalin ang helmet ko.

Hinubad ko ang helmet nang magsimula itong lumapit sa 'kin. Inilagay niya ang parehong kamay sa likuran at huminto dalawang dipa ang layo sa 'kin.

"Kumusta, Maxpein?" tanong niya. Sa tunog no'n ay nasisiguro kong nakangisi siya. **"Nag-iisa ka?"**

"Mukha ba 'kong may kasama?" tanong ko na nilingon kunyari ang likurang upuan ng motor, 'tsaka ako bumaba.

"Ang totoo ay hindi ikaw ang pakay ko," aniya kasabay nang pagbuntong-hininga. Iyon palang ang sinasabi niya ay parang napapagod na siyang kaharap ako. **"Pero dahil nangialam ka ay isinama na rin kita sa plano. Aaminin kong nakakatuwa ang kakayahan mo. Malakas ka, hindi ko maitatanggi iyon. Ilang beses ka na nga bang humarang sa daraanan ko?"**

"Sinasadya mong dumaan sa dinaraanan ko, ikaw ang naunang humaharang bago ako."

"Masyado ka pang pilosopo."

"Gano'n ako kadalasan kapag tanga ang kausap ko."

Hindi siya nagsalita. Lumawak ang tabing sa mukha niya kaya batid kong napangiti siya. **"Ganoon ba talagang katalino ang tingin mo sa sarili mo?"**

"Hindi naman, sadyang mas nakalalamang lang ako sa 'yo."

"Tingnan natin kung gano'n," aniya at saka mabilis na sumugod.

Hinintay ko siyang makalapit at saka ako umatras. Panay ang pagsugod niya at pagdakma sa akin pero wala siyang maabutan. Paatras akong gumilid, sumunod naman siya sa 'kin dahilan para magpaikot-ikot kami. Sa gano'ng paraan ko lang kasi mababantayan ang kilos ng kasama niya.

At nang mahinto kami ay saka ako yumuko. **"Lapit,"** hamon ko habang isinesenyas ang pareho kong kamay.

Hindi ito nag-alinlangang sumugod sa 'kin at sa pagsuntok niya ay agad akong umiwas. Pumunta ako sa tabi kung saan sinalo ko, gamit ang kanang kamay, ang pulsuhan niya. Idiniin ko ang likuran ng siko niya gamit ang kaliwa ko dahilan para mapasambit siya ng pagmura.

Mierda! Inulit ko sa isip ang sinabi niya.

Naglapat ang parehong likod namin at nang magharap kami ay panay na ang suntok niya. Na sunod-sunod ko namang sinangga hanggang sa masipa ko siya sa tiyan. Ngunit kinulang iyon sa lakas dahil nagawa niyang umatras at saluhin ang paa ko. Inilagay ko ang bigat ko sa kamay niyang hawak ang paa ko, 'tsaka ako tumalon sa ere dahilan para masipa ko siya sa mukha nang hindi inaasahan.

Napaatras siya at napayuko habang hawak ang panga. Nanatili akong nakatingin sa kaniya at walang mailabas na emosyon dahil sa kabagalan niya. Napabuntong-hininga pa ako nang makita ang muling pagsugod niya. Naging mas malakas na ang kaniyang pagsuntok, patunay ang tunog no'n sa magkabila kong pandinig habang umiiwas. Hindi ko naman inaasahang iyon ang ikagagalit niya. Dahil nabigla ako nang magawa niyang hawakan ang magkabila kong braso. Buong pwersa niya akong iniikot at nangyari nga iyon. Sinalubong ako ng kamao niya sa tiyan pero bago pa man iyon umabot sa 'kin ay nakayuko na akong umatras at bumaba para patirin siya.

Napahiga siya sa lupa ngunit agad ding bumangon. Muli kaming umikot sa isa't isa habang nag-aabang sa pagsugod. Pinalagutok niya ang leeg habang nakatingin sa 'kin, gano'n din ang pareho niyang kamay. At matapos no'n ay 'tsaka siya akmang susugod. Pero dahil hindi niya 'yon ginawa ay ako ang sumugod sa kaniya. Bumaba siya dahilan para hindi dumapo ang kamao ko. Hinila niya ang jacket ko sa likuran pero yumuko ako dahilan para mahila niya iyon sa 'kin.

Ngunit bago tuluyang mahubad ang jacket sa kamay ko ay pabato ko na iyong ibinagay na siya namang tumama sa mukha niya. Sa isang mabilis na pagkilos ay sinipa ko ang dibdib niya gamit ang magkabila kong paa.

Napasigaw siya bago humandusay sa kalsada. Pabato ring inalis ang jacket ko sa kaniyang mukha 'tsaka ako masamang tiningnan.

Hindi ko naman inaasahan ang pagsugod ng isa mula sa likuran kaya hindi ko iyon nagawang ilagan. Nasuntok niya ako sa galugod. Sobrang lakas no'n, hindi pinagbibigyan ang aking kasarian. Napaiwas ako, halos mapatalon papaatras sa gumawa no'n.

Pa'no 'kong tatakas sa mga lintik na 'to? Kailangang nakatumba silang pareho bago ko magawang paandarin ang motor ko. Naletse na!

Pareho naming hindi inaalis ang paningin sa isa't isa, paikot pa rin nang paikot gaya kanina. Pareho naming pinag-aaralan ang kilos ng isa't isa, patunay ro'n ang mga nanlilisik naming mga mata.

Nang sa hindi inaasahan ay naglabas ng patalim ang isa. Nawalan ng kulay ang mukha ko. Napalunok ako at napabuntong-hininga. At saka hinintay ang pag-atake niya.

Sinugod niya ako gamit ang kanan, nasa kaliwa ang patalim niya. Sinangga ko iyon gamit ang magkahawak kong kamay habang ang mata ko ay nasa kanan niya at nakabantay. Sunod-sunod na pagsangga paitaas dahil mas matanggad siya kompara sa 'kin. Hanggang sa maramdaman kong sinasadya niya akong sugurin papunta sa gawi kung sa'n nakahandusay 'yong isa.

Pero bago niya pa man magawa 'yon ay tinadyakan ko ang tuhod niya at hawak-kamay na siniko ang tagiliran niya. Naiwan sa ere ang pareho niyang kamay 'tsaka ko sinipa ang kanan kung nasa'n ang patalim. Muli ay tumalon ako at sinipa ito sa mukha. Hindi gaya no'ng isa ay parang hindi natinag ang isang 'to, hindi man lang napaatras ng sipa ko. Kaya nang akma siyang susugod ay pabaliktad akong tumalon, at sinadya kong itukod ang pareho kong kamao sa dibdib nang siyang nakahandusay doon. At sinigurong ang mga paa ko ay eksaktong tatama sa panga ng lalaking nakatayo.

Napasigaw na naman ang nakahandusay kasunod ng isang pagmumura. Hindi ko naiwasang magtaka.

"Mukhang may iniinda ka, ah?" sabi ko habang ang paningin ay nasa nakahigang lalaki. *May tama naman ako*, gusto kong magalit sa sarili dahil parang nararamdaman ko na ang hilo.

"Kaya mo pa ba?" pasigaw na tanong ng nakatayo, magkahalong galit at paghahamon ang tinig. **"Kasi magsisimula pa lang tayo ng tunay na laban!"** aniya na biglang sumugod.

Simula pa lang 'yon? Putsa, ano 'yong nauna? Warm-up niya? Inis akong umiwas nang bigla niyang hilahin ang kamay ko papalapit. Kumapit ako sa kaniyang braso ngunit halos mapasigaw ako nang pilipitin niya ang kamay ko. Hindi ko inaasahan ang biglang pagbulusok ng bilis niya.

Napatalikod ako at sinusundan ang pagkakapilipit upang hindi masaktan. Ang tanging nagawa ko ay ilagay ang paa ko paatras sa pagitan ng

dalawang hita niya. Hinawakan ko ang balikat niya at buong pwersa siyang binuhat ngunit hindi ako nagtagumpay. Mas malakas siya! Kaya sa huling pagkakataon ay siniko ko nang siniko ang panga niya hanggang sa bitiwan niya ako. Hindi pa nakakabawi mula sa sakit ang braso ko kaya umatras ako at pinanood ang mga kilos niya.

Pero hindi doon natapos 'yon, muli siyang sumugod at sinapo ang leeg ko. Paatras nang paatras hanggang sa maramdaman ko ang hirap nang paghinga. Napahawak ako sa mga braso niya pero sobrang lakas no'n kaya wala akong nagawa kundi sumuntok sa ilalim. Pero dahil mahina 'yon ay nagagawa niyang ilagan at sanggain.

"Pwede kitang patayin ngayon, alam mo ba iyon?" nanggigigil ang mga pangang aniya. **"Masyado kang mayabang!"** lalo niyang pinakadiinan ang pagpiga sa leeg ko. **"Kaya hindi kami matahimik ay parati kang humaharang!"**'tsaka niya ako pabatong binitawan at sinipa sa tagiliran. Ginamit kong pampreno ang paa ko dahilan para mapahawak ako sa lupa.

Humanda siya sa pag-atake at ako naman ay nanatiling nakaabang. Hindi ko inaalis ang paningin sa kaniya habang ang pakiramdam ay nasa nakahandusay pa. Sa gilid ng isip ko ay ipinagtataka kong hindi pa rin nakakatayo ang nakahandusay at mukhang matindi ang iniinda nitong sakit.

At kung hindi ako nagkakamali ay nasa dibdib niya 'yon.

Nag-isip ako ng paraan habang nakayuko. Dadala-dalawa ito pero hindi ko kinakaya. Nababagalan ako sa kilos ko at alam kong dahil iyon sa epekto ng alak. Idagdag pa ang mga tabing nila sa mukha. Hindi namumuo ang galit ko dahil hindi ko sila nakikita.

Habang hindi gumagawa ng kilos ang nakatayo ay palihim kong tiningnan ang nakahandusay. Naghahabol ito ng hininga. Kaya naman nang sumugod ang isa ay yumuko ako't nagpagulong sa ibaba niya. 'Tsaka ako bumangon at tumalon sa mismong sa dibdib ng nakahandusay.

Nakita ko ang pagtalsik ng dugo mula sa bibig nito at napagulong sa sobrang sakit! Muling sumugod ang lalaki papunta sa 'kin. Inasinta ko na ang mukha niya ng sapak dahilan para mahawakan niya ang mukha gamit ang dalawang kamay. Matapos no'n ay hinawakan ko ang ulo niya at inumpog 'yon sa tuhod ko. Nang tumimbawang siya ay 'tsaka ko malakas na sinipa ang mukha niya.

Tinapakan ko ang magkabilang kamay niya dahilan para mapunta ako sa kaniyang ibabaw. 'Tsaka ako yumuko para hawakan ang tabing sa mukha

niya at akmang huhubarin iyon. Hinawakan niya ang kamay ko ngunit hindi ko na halos maramdaman ang higpit niyon.

Ngumisi ako. **"Kahit naman hindi ko tanggalin 'to ay kilala ko kung sino kayo,"** 'tsaka nawala ang ngiti ko at tinuhod siya sa mukha mismo.

Mas malakas pa ang isinigaw niya kompara sa isang may iniinda sa dibdib.

"*Vamos a casa*!" sigaw niyong isa. Wala akong naintindihan ang king ina.

"Biruin mo, nakainom na ako't lahat, hindi pa rin kayo umubra." Tinapik ko ang mukha niya. **"Salamat, pinawisan ako."**

'Tsaka ako tumakbo papalapit sa motor at patalon na sumakay ro'n. Hindi ko halos magawang pindutin ang starter nang lingunin ko sila. Ang isa ay kasalukuyan nang tumatakbo papalapit sa 'kin.

Nang ma-start ko naman iyon ay nahabol at napigilan ng isa ang pagtakbo ko. Inilagay ko ang bigat sa manibela 'tsaka iniangat ang katawan ko para pilipitin ang ulo niya gamit ang dalawa kong binti. Hindi man iyon gano'ng nagtagumpay ay nagawa niyang bitiwan ang motor ko dahilan para mapaandar ko iyon papalayo.

Damn! I was expecting you to come, Heurt!

Hindi ko maipaliwanag ang tindi ng kaba sa dibdib ko. Kaya ako nag-iwan ng busina sa TB ay inaasahan kong makukuha iyon ni Heurt. Marahil ay hindi niya 'yon narinig dahil sa tugtog sa loob ng bar.

Nagdamali akong umuwi, baon pa rin ang kaba sa dibdib dahil sa pangyayaring 'yon. Pilit ko pang niloloko ang sarili. Ang sabi ng isip ko, kung hindi lang ako nakadalawang dosena ng beer ay baka mani ang dalawang iyon. Lalo pa at may depekto iyong isa. Na hindi lang ako handa kaya ganoon ang nangyari. Pero may bahagi ko na alam at nagsasabi nang totoo.

Uminom lang ako ng tubig pagkarating sa mansyon at matapos no'n ay umakyat na ako sa kwarto. Napayuko ako sa mga palad at inis na napaisip. Nakukulangan ako sa mga kilos ko, hindi 'yon sing natural nang normal kong kilos. Sinisi ko na lang ang alak na unti-unti nang nilalamon ang katinuan ko.

Matapos kong makapagpahinga ay naligo ako at nahiga. Pero hindi pa man ako pumipikit ay tatlong magkakasunod na katok na ang tuminag sa 'kin.

"Sino 'yan?" tanong ko.

"Lumabas ka muna sandali," nangibabaw ang tinig ni Chairman Moon.

Sandali akong nagtaka, kinuha ko ang roba 'tsaka ko siya pinagbuksan. **"It's late,"** nakangiwi ko pang sabi.

"Hindi ka raw pumapasok?" agad niyang tanong, napaiwas na lang ako ng tingin. **"Sinabi sa akin ni Zarnaih na hindi ka pumapasok at parati ka lamang nagkukulong dito sa kwarto. Ano ang nangyayari sa iyo?"**

"Wala."

"Iyong totoo, Maxpein?"

"Wala nga ho."

"Hindi ako naniniwala sa iyo."

"Eh, di hindi? Tss. Nag-iisip ako, okay?" hindi ko na naitago pa ang inis. **"Kaya kung pwede? Magpapahinga na ako. Bukas na bukas ay papasok ako,"** sabi ko na tinalikuran siya.

"Nandito ang parents ni Deib Lohr,"bumuntong-hininga pa siya kaya natigilan ako. **"They want to talk to you."**

Nangunot agad ang noo ko. *Tss. Ano na namang kalokohan 'to?* Napalingon ako sa gawi pababa ng hagdan. **"Bakit daw?"**

"Harapin mo na lang sila. Mukhang may masamang nangyari."

Natigilan ako at napaharap sa kaniya. **"Anong nangyari?"**

"Kausapin mo na nga lamang sila," nagtiim ng bagang ang Chairman. **"Magbihis ka, amoy alak ka."**

"Naligo na ako. Tss."

"Bilisan mo. At bumaba ka na agad." Iyon lang at tinalikuran niya na ako at naunang bumaba.

Sandali akong nanatili at nakatanaw sa pagbaba niya saka napabuntong-hininga at bumalik sa kwarto para muling magbihis.

Pagbaba ko ay nakaupo ang mag-asawa, nagtaka agad ako nang makitang umiiyak si Mrs. Enrile. Bukod doon ay nandoon halos ang buong pamilya ko. Mga nakatingin nang masama sa 'kin. *Tss.*Hanggang sa mapabuntong-hininga na naman ako at dahan-dahang lumapit sa kanila.

"Magandang gabi, Mr. Enrile, Mrs. Enrile,"mahina kong bati.

Napatayo agad ang mag-asawa nang makita ako. **"Maxi,"** sambit agad ni Mrs. Enrile, ipinagtaka ko ang patuloy niyang pag-iyak.

Alam ko nang may problema. **"Napadalaw kayo?"** sumeryoso ako.

"I don't know how to say this but...my son needs you. He needs you, Maxi," umiiyak na namang aniya.

Kunot-noo akong napailing. **"Ano ba ang nangyari, Mrs. Enrile?"**

Doon ay ikinuwento niya nang buo ang pangyayari, detalyado at hindi siya nahinto sa pag-iyak habang ikinukwento iyon. Maging ang naganap na pagpasok sa bahay nila nang gabing nandoon din ako ay ibinahagi niya. Hindi ko malaman kung ano ang nararamdaman habang pinakikinggan iyon. Nakatingin ako kay Mrs. Enrile pero nang tumagal ay para na lang akong nakatulala sa kaniya. Hindi ko magawang paniwalaan ang mga narinig ko.

"Pa'no nangyari 'yon?" wala sa sariling sambit ko habang nakatulala pa rin. 'Tsaka ako tumingin nang ayos sa kanila. **"Magkasama kami nang gabing 'yon—iniwan ko siyang ayos, Mrs. Enrile!"** hindi ko na namalayang napataas ang boses ko.

"Iyon na nga ang hindi namin malaman, Maxi. Hindi pa namin magawang kausapin si Deib Lohr sa ngayon dahil hindi iyon makabubuti sa kaniya. Hindi maganda ang lagay ng puso niya."

Doon ako napatitig sa kaniya. **"Puso niya? Bakit?"** nagugulat kong tanong. Pakiramdam ko ay alam ko na kung ano ang sasabihin niya pero gusto ko pa ring marinig 'yon. **"Ano ang nangyari sa puso niya, Mrs. Enrile?"**

Ngunit hindi na nito nagawang magsalita, para na siyang hihimatayin dahil sa sobrang pag-iyak. Lumapit na si Maze para aluin ito at bulungan ng pag-asa.

"Anong nangyari sa puso niya?" hindi ko na matagalan ang paghihintay ng sagot.

"K'wan kasi," sambit ni Mr. Enrile. **"May sakit sa puso si Deib Lohr, hija. Dati na siyang naoperahan sa puso. Ngayon ay bumabalik ang sakit na iyon."**

Ipinaliwanag niya ang tungkol sa sakit na iyon ni Sensui. Natulala na naman ako sa pakikinig dahil hindi ako makapaniwala sa nangyayari.

"Ngayon ay pumarito kami para sana makiusap sa iyo, hija. Nalaman naming nakipaghiwalay ka sa kaniya at...at iniisip niyang wala ka nang pakialam sa kaniya. Ang sabi niya sa amin ay papayag lang daw siyang magpaopera kapag...nakita ka niya."

"Kalokohan!" inis kong sabi. **"Bakit? Ako ba ang gagamot sa kaniya?"** singhal ko na ikinagulat nilang lahat.

"Maxi, Maxi, please...we need your help? Please," pagmamakaawa ni Mrs. Enrile.

"Maxpein?" kunot-noong tawag sa 'kin ni Maze. **"Kailangan ka ngayon ng nobyo mo."**

Dagling nabuhay ang galit sa dibdib ko at gusto kong sisihin si Sensui nang dahil do'n. Kung hindi siya sumama sa Eerah Anitha na iyon ay hindi mangyayari ang lahat nang ito. Kung hindi niya ako binanatan ng kung ano-anong pag-iwas ay hindi hahantong sa ganito.

*Anong ginawa nila para magkagano'n siya?*Litong-lito ako. **"Sige, sasama ako,"** pagpayag ko. **"Pero hindi ako pwedeng magtagal, Mrs. Enrile. May kailangan akong asikasuhin."**

"Pero, hija?"

"Mas mahalaga kaysa sa kaniya ang aasikasuhin ko, Mrs. Enrile," sinabi ko iyon habang nakatingin mismo sa mga mata niya.

Kung nalaman ko lang 'to nang mas maaga ay baka hindi ko na tinakasan 'yong dalawa.

Hindi ko malaman kung ano ang mararamdaman habang nasa daan kami papuntang ospital. Tulala lang din ako sa labas ng sasakyan ni Maxwell kung saan ako nakasakay kasama ang magkapatid.

"Bakit hindi man lang sila nagsabi?"malungkot na sabi ni Naih. **"Kung hindi pa pumunta dito sina tita ay hindi ko malalamang nasa ospital pala si Sensui ngayon,"** dagdag pa niya. **"Imposibleng hindi 'to alam ni Lee, pati siya ay hindi nagsabi sa 'kin! Tsk!"**

Hindi ko na pinansin pa ang pagdaldal niya. Nagpatuloy na lang ako sa pag-iisip. Sa kwento ng mag-asawa ay mukhang malala ang sugat na tinamo ni Sensui. Hindi ko alam kung paano akong magre-react kapag nakita ko 'yon. Pero panay ang pag-iisip ko kung sino ang posibleng gumawa no'n sa kaniya?

Kay Eerah Anitha ko lang siya iniwan. Nagawa niya 'yon? Imposible. Pero sino? Sino ang gumawa no'n sa kaniya? At paano...?

Halos magyakapan ang mga kilay ko sa sobrang pagkakadikit. Ako mismo ay parang nag-aalinlangan sa naisip ko. Napakaimposible para sa 'kin na magawa ni Eerah Anitha 'yon. Hindi dahil sa magkakilala sila kundi dahil wala siyang lakas sa paningin ko.

OceanofPDF.com

CHAPTER 204

DEIB'S POV

NAG-ANGAT AKO ng tingin nang bumukas ang pinto. Laking pasalamat kong gising pa ako dahil si mommy agad ang pumasok do'n kasunod si daddy. Katatapos lang kasi akong tingnan ng mga doktor kaya bahagyang nakaupo ang kama ko. Bukod do'n ay mukhang hindi rin ako makakatulog dahil sa nangyari kani-kanina lang.

Hindi ko alam kung kailan nila kami titigilan. Nakakabaliw ang katotohanang wala silang pakialam sa takot na idinudulot ng mga ginagawa nila sa amin. Hindi biro ang pakiramdam na para bang anumang oras ay pwede kang mamatay. Katulad na lang nang naramdaman ko nang gabing 'yon. Gusto kong pagsisihan nang matindi ni Eerah ang ginawa niya sa 'kin, dahil hindi lang sa peligro nalagay ang buhay ko.

Pakiramdam ko nga ay ikalawang buhay ko na ito o baka ikatlo pa. 'Yong pakiramdam na hindi ako panawan ng kaba sa dibdib ay para akong unti-unting pinapatay sa takot, at sa sakit na totoong nararamdaman ko.

Kung kanina ay bagot na bagot ako sa paghihintay. Hindi na ako makapaniwala ngayon na nandito na sila sa harap ko. Mayamaya pa ay pumasok na ang mga Moon, sina Chairman Moon, More, Maxwell at Maxpein, kasama rin sina Parrot at Yaz. Kakaiba talaga ang kilabot na idinudulot ng presensya ng mga Moon. Kung saan iyon nagmumula, at kung ano ang dahilan, ay hindi ko alam. Parati iyon. Sa t'wing kaharap ko ang mga Moon, parating may kakaiba. At hindi ko na malaman kung paanong patatahimikin ang puso ko, dahil nagsisimula nang magwala ito. Alam ko kasing anumang oras ay papasok na rin si Taguro.

Hindi ko akalaing sa kabila nang lahat ng nangyari ay tatalon pa rin nang gano'n katindi ang puso ko nang tumabi sina Maxwell at Yaz, at tumambad sa 'kin si Taguro. Pakiramdam ko ay gano'n ko siya katagal na hindi nakita at nakasama. At syempre, hindi nawawala ang grand entrance niya. Paborito niya yata iyong eksena.

Bahagya siyang nakatagilid sa akin, parang ayaw agad makita ang sitwasyon ko. Bahagya rin siyang nakayuko at nakapamulsa sa suot na

leather jacket. May tinititigan sa kung saan na hindi ko magawang tingnan.

At saka siya dahan-dahang nag-angat ng tingin sa 'kin nang maramdamang nakatingin na sa kaniya ang lahat. Nasaksihan ko kung paanong marahan na nangunot ang noo niya habang pinag-aaralan ang kabuuan ng mukha ko.

Matagal niya akong tinitigan, na para bang ang bawat butas ng balat ko ay matamang pinag-aaralan at binibilang. Matagal niya akong pinagmasdan, na para bang bumubuo na agad siya ng plano sa isip kung paano akong igaganti sa mga gumawa nito sa 'kin.

Matapos no'n ay 'tsaka niya sinalubong ang mga tingin ko, hindi man lang nagbabago ang galit niyang hitsura. Hindi ko malaman kung matatakot ba ako o matutuwa dahil nasisiguro kong hindi niya nagustuhan ang nangyari sa 'kin. Kahit naman sino ay hindi magugustuhang mangyari ito sa 'kin. Pero iba ang isang Taguro, may patakaran siyang mabuwag man nang kahit na sino ay hindi niya hahayaang hindi makatikim ng ganti ito.

"Babe..." Iginalaw ko pa ang kamay ko nang tawagin siya.

Doon siya nagsimulang lumapit sa 'kin. Pinagkrus niya ang mga kamay namin, agad na guminhawa ang pakiramdam ko. Gusto ko na agad maiyak dahil pakiramdam ko ay maaayos na ang lahat. Siya lang ang nakagagawa nito sa 'kin. Kakaiba 'yon sa kaginhawahang naramdaman ko no'ng mga nakaraan.

"Babe..." Tinawag ko siya uli. **"Sorry, babe..."**

"Sshh," inilapat niya ang hintuturo sa labi ko. At saka muling pinagmasdan ang kabuuan ng mukha nang malapitan. Gano'n na naman, sobrang tagal. Na para bang sinasaulo nang husto ang bawat sugat, maga at pasa sa mukha ko. Na para bang ang bawat nakita niya sa 'kin ay ilalagay niya rin sa gumawa nito.

"Babe, sorry, hindi ko sinasadya 'yong n-nangyari." Nahihirapan pa rin akong magsalita pero kailangan ko siyang makausap. Kailangan kong masabi sa kaniya maski ang ilan lang sa tunay kong nararamdaman.

Hindi siya sumagot at sa halip ay tumitig pa rin sa mukha ko, mula sa mata papunta sa ilong hanggang sa leeg. Gumegewang pa ang ulo niya na parang sinisilip ang tagong bahagi ng mukha at leeg ko, inaalam kung may tama ba ako hanggang doon. Animong ayaw niyang may maiwan dahil hindi magtatagumpay ang paghihiganti niya.

"Maniwala ka sa 'kin, Taguro, hindi ko 'yon ginusto." Hindi ko na maitago ang pag-aalala sa mukha pero nagagawa pa rin 'yong pigilan ng

dibdib ko. Nagkukusa dahil takot din makaramdam ng sakit. **"Hanggang ngayon ay hindi ko maalala kung ano ba talaga ang nangyari sa 'kin. Maniwala ka naman sa 'kin, oh? Bigyan mo ko ng isa pang chance, Taguro. Nagsasabi ako nang totoo sa 'yo."** Sinabi ko iyon nang sobrang bagal at uutal-utal.

"Deib—"

"Yes, I look at other girls, I can say if they're beautiful, sexy or not. But when I say I am yours, I am yours, babe. I'll stay in love and committed to you, and only you no matter what. And no one else." Laking pasasalamat ko dahil nairaos kong makapagsalita nang mahaba at sunod-sunod. Hinihiling ko na lang na sana ay nasabi ko ang lahat sa kaniya at maintindihan niya 'yon.

"Sensui," mariing tawag niya.

"Babe..."

"Nang gabing 'yon mismo," tumitig siya sa mga mata ko. Sobrang lalim na para na namang kinakausap ang kaluluwa ko. **"Nang sabihin mo ang lahat nang 'yan sa 'kin ay naniwala na ako sa 'yo, Sensui. Kaya hindi ko na kailangan ang paliwanag mo, okay?"**

Bahagyang nanlaki ang mga mata ko sa sinabi niya. **"Babe..."**

"I believe you, I believe in you,"aniya na titig na titig sa mga mata ko. Mababasa ro'n ang pagiging sinsero niya at mahihimigan ang pagpapakatotoo. **"Trust me."**

Trust me...

Nagpaulit-ulit 'yon sa tainga ko, masarap sa pakiramdam. Nag-init ang parehong gilid ng mga mata ko pero agad ko rin 'yong pinigilan. Nagbaba ako ng tingin at malalim na huminga.

"Thank you, babe," sinsero kong sabi. **"I trust you."**

Sandali siyang natahimik, inirespeto ang naramdaman ko. **"Pero gusto kong malaman kung ano ang nangyari sa 'yo,"** mahinahon niyang sinabi habang nilalaro ang hibla ng buhok sa noo ko. **"Ito..."** Itinuro niya ang mata ko. **"Ito..."** Itinuro niya naman ang namamaga at nangingitim kong pisngi. **"Ito..."** Itinuro niya ang pumuputok sa bugbog kong labi. **"Lahat ng nasa katawan mo, gusto kong idetalye mo sa 'kin kung paanong napunta lahat 'yan sa 'yo."**

Kinabahan agad ako. Kung bakit ba kasi hindi ko napaghandaan ang mga tanong niya. At kailangan talagang detalyado? Bukod do'n ay hindi ko alam

kung paanong magkukwento. Nag-aalala ako masyado at maging 'yon ay bawal sa 'kin ngayon.

"Uhm, Maxi?" lumapit si mommy sa 'min, hindi pa man ako nakakapagsalita. **"Hindi pa siya pwedeng magpapalit-palit ng emotions ngayon. Baka ang pagkukwento ay maka-affect sa condition niya."** Nakikiusap ang mga mata ni mommy. **"Kahit kami ay hindi nagtatanong dahil pinagbawalan kami ng mga doktor. Kung pwede ay ipagpaliban na muna natin? I hope you understand."**

"Kahit pangalan lang," giit ni Taguro na basta na lang lumingon sa 'kin. **"Siya na lang ang pagpapapaliwanagin ko,"** dagdag niya na tumingin sa labi kong putok pa rin. 'Tsaka umangat ang paningin niya at iginala 'yon sa buo kong mukha.

Should I tell her? 'Ayun na naman 'yong iba't ibang klase ng pagkalito sa isip ko. Naiipit na naman ako sa pagsasabi nang totoo at paglilihim dahil iniisip ko ang kalalabasan.

"Hindi ko alam ang pangalan ng mga 'yon, Taguro."

Hindi ko alam kung kasinungalingan ba iyong matatawag dahil totoo namang hindi ko alam ang pangalan ng mga 'yon. Maliban kina Almeyra at Eerah Anitha ay hindi ko na kilala ang mga bumugbog sa 'kin. Ang tanging alam ko lang ay mga kaibigan ni Eerah Anitha ang mga 'yon.

"Mga?" paglilinaw niya. **"Marami sila kung gano'n?"** tanong niya pero hindi ko pa rin nagawang sumagot.

"Deib, anak?" lumapit si mommy sa 'kin at ngumiti sa kabila nang namumugtong mga mata. **"You promised mommy na magpapaopera ka na once dumating si Maxi, right?"**umaasa niyang tanong.

Sandali akong tumitig sa kanya 'tsaka ko nilingon si Taguro na nakatingin sa dibdib ko. Nag-angat siya ng tingin sa 'kin nang maramdaman ang titig ko. Magsasalita na sana ako pero kusa rin akong natigilan. Bigla ay hindi ko malaman kung ano ang sasabihin ko sa kaniya. Hindi ko alam kung paano ko ipaliliwanag ang sitwasyon ng puso ko. Bigla ay parang wala akong maalala.

"Magpaopera ka," ani Taguro mayamaya, hindi na nakapaghintay na may masabi ako. **"Kailangan mong magpaopera."**

"Alam mo na?" tanong ko, tumango lang siya. **"Sumama ka, samahan mo 'ko, Taguro,"** nakagat ko ang maliit na bahagi ng labi matapos sabihin 'yon, gusto kong maluha sa sakit.

Nagbaba siya ng tingin, bumuntong-hininga bago muling tumingin sa 'kin. **"Hindi pwede. Kailangan kong pumasok."**

"Babe, sige na," pakiusap ko. **"Ipapa-excuse kita. Gusto kong may kasama, natatakot ako, Taguro."**

"Hindi pwede, Sensui. 'Tsaka hindi ka naman pababayaan do'n ng mga magulang mo."

"Pero gusto ko sanang pati ikaw ay makasama ko, Taguro," hindi ko na napigilan ang pag-aalala. **"Gusto ko ay lagi kitang nakikita."**

"Iwan na muna siguro natin sila?"patanong na sabi ni *Noona* at saka tumingin nang malalim kay Taguro. **"Max, please, hindi pwedeng magpabago-bago ang—"**

"Naintindihan ko," ani Taguro na hindi inaalis ang paningin sa 'kin. **"Iwan niyo na muna kami,"** dagdag niya pa. **"Salamat."**

Bakas pa rin ang pag-aalala sa mga mata ni mommy habang isa-isa silang lumalabas ng kwarto. Patagilid na tumingin si Taguro sa gawi ng pinto bago ibinalik ang paningin sa 'kin. Hindi ko maintindihan ang masarap na pakiramdam.

"Akala ko talaga ay hindi ka magpapakita sa 'kin, babe," pag-iiba ko sa usapan. Gusto ko sanang ngumuso pero masakit ang labi ko.

"Hindi ko nalaman agad ang tungkol dito. Walang nakapagsabi sa 'kin."

"Ayaw ipasabi nina mommy kaya kami-kami lang halos ang nakakaalam, delikado raw."

"Gusto ko nang malaman ngayon kung bakit, paano...at bakit ulit. Pero dahil sa sitwasyon mo ay ipagpapaliban ko na muna ang kwento." Para akong nakahinga nang maluwang sa sinabi niya. Hindi pa rin ako handang sabihin iyon sa kaniya. Natatakot pa rin ako sa posibleng maging resulta.

Gustong-gusto kong sabihin ang lahat sa kaniya ngayon. Gusto kong magsumbong pero nag-aalala ako masyado at 'yon ang nangingibabaw sa 'kin. Hindi malabong habang nagpapaopera ako ay siya lang ang isipin ko. Ang sitwasyon nilang maiiwan dito at ang pwedeng mangyari. Binantaan ako ni Eerah Anitha at nang lalaking iyon na pumasok dito kanina lang. Kung may magkaano-ano sila ay hindi ko alam pero nasisiguro kong may koneksyon sila. At mas nasisiguro kong posibleng totoohanin nila ang ibinanta.

"Galit ka pa ba sa 'kin, babe?"tanong ko, muling iniiba ang usapan. **"Okay lang sa 'kin kung galit ka, maiintindihan ko. Pero sana ay mapatawad mo pa rin ako, babe."**

"'Wag mo na munang isipin 'yon."

"Hindi mo na ba talaga ako babalikan, babe?"

"'Tsaka na natin pag-usapan ang tungkol diyan, kapag ayos ka na."

"Pero matagal pa 'yon, babe?"

Bumuntong-hininga siya. **"Kumusta ang pakiramdam mo?"**

"Masakit pa rin, babe. Masakit dito," sabi ko na ipinakita sa kaniya ang kamay kong nakaturo sa mukha. **"At saka dito,"** itinuro ko ang dibdib ko. **"Masakit lahat. Lalo na 'yong mga huling salitang binitiwan mo. Hindi 'yon mawala sa isip ko, Taguro."**

"'Wag mo nang isipin 'yon kung gano'n."

"Binabawi mo na ba 'yong sinabi mo, babe?" tanong ko pero hindi siya sumagot. Nag-alala ako. **"Babe, binabawi mo na ba?"**

"May narinig ka ba?" pabalang niyang sagot.

Nalungkot agad ako. **"Babe..."**

"'Tsaka na natin pag-usapan ang tungkol do'n, Sensui, please."

"Babe nga kase."

"Sensui."

Lalo pa akong nalungkot. *Hindi niya pa rin ako babalikan, hindi niya na talaga ako babalikan. Hindi niya na ako mahal.* Malalim ang naging paghinga ko. Napapikit ako sa sakit na idinulot no'n sa dibdib ko. Napakapit ako sa siderails at saka marahang pinakawalan ang hangin na sininghap ko.

"Deib," agad siyang humawak sa 'kin, mahihimigan ang pag-aalala sa tinig niya. **"Ano? Ano ang nararamdaman mo? Ayos ka lang?"**matindi nga ang pag-aalala niya.

"Nalulungkot ako, Taguro," pag-amin ko. **"Hindi mo na ako mahal."**

"Mahal kita." Tumitig siya sa mga mata ko nang matagal. **"Matigas lang talaga 'yang ulo mo."**

"Bakit 'yong ulo ko? Tsk. Inaaway mo pa ako."

"Hindi ako ganito makipag-away, Sensui. Nananakit ako."

"Sinasaktan mo nga ako. Dito,"itinuro ko ang dibdib ko.

Mataman siyang tumitig sa dibdib ko. Lumamlam ang mga mata niya at saka bumuntong-hininga. **"Masakit?"**

Tumango ako saka nag-iwas ng tingin. **"Sobra."**

"Kung pwede ko lang alisin ang sakit na nararamdaman mo ay ginawa ko na."

Napakasarap no'n sa pakiramdam pero hindi ko matanggap. **"Gagawin mo 'yon?"**

"Kung posible ba, eh, bakit hindi?"

"Bakit?"

"Dahil gano'n ako magmahal,"seryoso niyang sinabi na sobrang lalim na naman kung tumitig.

Ang dating mga puso na nakikita ko ay matamlay, pagod tumalon at tumakbo ngayon kaya tipid na ngiti lang ang nagawa ko.

"Mas gugustuhin ko nang nasa 'kin 'to kaysa nasa 'yo, Taguro. Hindi mo kakayanin ang sakit." Tumingin siya bigla sa 'kin at agad kong nabasa ang sobrang pag-aalala sa mga mata niya. **"Bale-wala ang pisikal na sakit kompara dito. Kasi dito,"** bahagya kong tiningnan ang dibdib ko, pilit na nilalabanan ang emosyon. **"Dito ay wala kang takas sa sakit dahil nasa loob mo mismo. Hindi lang katawanan mo ang apektado kundi maging ang kaluluwa mo. Kulang na kulang ang salitang sakit para maipaliwanag 'yong pakiramdam."**

Matagal akong huminto, naghabol ng hininga bago nagpatuloy.

"Kaya sa akin na lang kaysa mapunta pa sa ibang tao, lalong-lalo na sa 'yo, Taguro." Sinabi ko iyon nang nakatitig din sa kaniya. 'Tsaka ako ngumiti. **"Sanay na rin naman ako sa sakit nito."**

"Kaya nga magpaopera ka dahil hindi rin namin kayang makita na nasasaktan ka."

"Pero mas sumasakit siya dahil nakipaghiwalay ka sa 'kin, babe. Ayaw ko kasi 'yon. Dahil do'n ay parang ayaw ko na uling mabuhay."

"Kailangan mong mabuhay."

"Kung wala ka naman sa 'kin ay para saan pa?" ipinakita ko ang lungkot ko sa kaniya. **"Mahal kita, Taguro at kailangan kita sa buhay ko. Hindi ko kaya nang wala ka."**

"Ang galit ko ay dahil sa kalokohang ginawa mo, Sensui. Pero hindi no'n nabawasan ang pagmamahal ko. Ang tiwala, oo, pero ang nararamdaman ko para sa 'yo ay gano'n pa rin."

Bigla ay parang gusto kong mangiti. **"Mahal mo 'ko?"**

"At mas minamahal pa."

"Bakit hindi mo sinabing oo?"

"Eh, di oo."

"Napipilitan ka."

Napakamot siya sa ulo. **"Oo, mahal kita at mas minamahal pa."** Sinabi niya 'yon nang nakatingin sa mga mata ko.

"Kinikilig ako, Taguro." Hindi man lang nagbago ang mukha niya sa sinabi ko. Napilitan akong mapanguso at tiniis ang sakit sa labi. **"At ako dapat ang walang emosyon at hindi ikaw."**

"Tss."

"Kung magpapaopera ba ako ay babalikan mo ako?"

"Hindi."

"Ano?"

"Tsk."

"Babe naman? Eh, ano pang silbi ng buhay ko kung wala na akong Taguro?"

"Hindi mo 'ko gano'n kabilis na mapapaamo."

"Ayaw ko nang magpaopera! Aray!" nahawakan ko agad ang dibdib matapos suminghal. Hindi man lang siya lumapit, hindi man lang nag-alala.

"Kung hindi ka magpapaopera, paano mo 'ko babawiin?"

"Ha?" natigilan ako.

"Magpaopera ka dahil hihintayin ko ang pagbabalik mo. Kailangang paghirapan mo ang pagbawi sa 'kin."

"Babe naman? Pahihirapan mo pa 'ko?"

"Pinahirapan mo rin ako, Sensui."

"Hindi ko naman sinasadya 'yon kasi, babe."

"Hindi ko sinasabi 'to bilang abiso, Sensui. Isa itong utos mula sa 'kin. Kung talagang ayaw mong mawala ako sa 'yo ay magpaopera ka at magpagaling. Pagbalik mo dito ay sabihin mo sa 'kin ang lahat nang nangyari. At saka ka gumawa ng paraan para mabawi ako ulit."

"Sa pagkakaalam ko ay sa 'kin ka pa rin naman, Taguro."

"Tinapos ko na 'yong sa 'tin, Sensui."

"Pero hindi ako pumayag, babe."

"Hindi ko na kailangan nang pahintulot mo. Sa sobrang tindi no'ng ginawa mo, aanhin ko pa ang pagpayag mo? Tinapos ko na ang lahat sa 'tin. Nasa sa 'yo na lang 'yon kung magpapatuloy ka kasama ang imaginary babe mo. Basta sa 'kin ay tapos na tayo."

"Sumasakit ang dibdib ko, Taguro."

"Kaya nga gawin mo ang sinabi ko. Magpapaopera ka at magpapagaling. Babalik ka sa 'kin at saka muling manliligaw."

"Ang dami naman, babe?"

"Tinatamad ka?" hindi man lang nagbabago ang blangko niyang itsura.

"Hindi!" napanguso pa rin ako. **"Tch."** Sinamaan ko siya ng tingin.

"Ano ang itinitingin-tingin mo?"maangas na naman niyang tanong.

"Bakit ba ang hilig mong magpahirap, babe? Tch! Pinaghirapan ko ang pagpapasagot sa 'yo, Taguro."

"Eh, ano? Pinagsisisihan mo?"

"Kinulit kita para sagutin ako."Masama pa rin ang tingin ko. **"Kulitin mo rin ako para makipaghiwalay ako sa 'yo,"** nakangusong sabi ko 'tsaka ako nag-iwas ng tingin.

Hindi siya sumagot dahilan para muli akong mapalingon sa kaniya. Gano'n na lang ang pagtataka ko nang makitang titig na titig siya sa bandang likod ng ulo ko. Iyong parteng nakahiga mismo sa unan.

"Taguro?" tawag ko.

Hindi pa rin siya nagsalita at sa halip ay hinawakan ang noo ko at bahagya iyong itinagilid papunta sa kanan.

"Anong g-ginagawa mo?"nagsisimula akong mag-alala pero hindi siya sumagot. **"Sumasakit ang dibdib ko, Taguro. Masakit din sa parteng 'yan ng ulo ko."**

Dahan-dahan niyang ibinalik sa pagkakahiga ang ulo ko. **"Hindi ka pa naligo, 'no?"** biglang tanong niya, nanlaki ang mga mata ko. **"Biro lang,"**tipid ang ngiti niya.

"Kahit kailan ay pangit kang magbiro," napapaingit sa sakit na sabi ko 'tsaka iniayos ang pagkakalapat ng ulo ko sa unan. Tumitig ako sa kanya, hindi man lang nagbabago ang mukha niya. Blangko pa rin. **"Babe, nami-miss na kita."**

"Nandito na nga ako, ' di ba?"

"Galit ka pa ba sa 'kin, babe?"

"Hindi."

"Mahal mo pa ba ako, babe?"

"Oo."

"Babalikan mo ba ako, babe? Hindi mo na ba ako babalikan, babe?"

"Tss, magpapaulit-ulit na naman 'yong usapan natin nito, eh,"nauubusan na agad siya ng pasensya.

"Sige, hindi na," nagbaba ako ng tingin.

Sandaling katahimikan ang nangibabaw sa pagitan namin. Hindi ako nag-angat ng tingin sa kaniya bagaman nararamdaman ko ang mga titig niya sa 'kin. Sa sobrang lapit niya ay para akong uubuhin sa tapang ng pabango niya. Pero gano'n na lang ang gulat ko nang biglang bumaba ang mukha niya malapit sa 'kin. Bahagya pa akong napalayo dahil nag-aalala ako sa amoy ng hininga ko.

"Mahal mo 'ko, 'di ba?" mahinang tanong niya na ang tingin ay tumatagos na naman sa kaluluwa.

Sunod-sunod ang naging pagtango ko. **"Oo. Mahal na mahal."**

"Kung gano'n ay wala kang ibang gagawin kundi ang magtiwala sa 'kin. Malinaw ba 'yon?" muling aniya, napatango uli ako.

"Magtitiwala ako sa 'yo, babe."

Matagal niyang tinitigan ang mga mata ko na para bang may inaaninag siya ro'n. *Sobrang lalim niya kung tumitig. At talagang nakakailang 'yon kahit pa sobrang tagal niya nang may gusto sa 'kin. Tch.* Parang gusto kong hugutin na lang bigla ang paningin ko sa kaniya dahil para akong matutunaw habang tumatagal.

Pero ang mga mata niya ay kusang nagbawi ng tingin sa 'kin. Hindi ko nga lang inaasahan na bababa iyon papunta sa ilong ko hanggang mahinto sa mga labi ko. Tumitig siya nang mas matagal pa ro'n. At doon na nagsimulang malusaw ang hindi maipaliwanag na kung ano-ano sa dibdib ko.

Halos mahugot ko ang hininga nang lumayo siya sa 'kin. Kumibot-kibot ang labi ko kasabay nang paglunok bago ako nag-iwas ng tingin.

Grabe, nilulunod niya na 'ko sa tingin pa lang! Tch!

"Tatawagin ko lang sila," aniya at saka naglakad papalapit sa pinto.

Pinanood ko uli silang magsipagpasukan. Agad namang lumapit sa 'kin si mommy. **"May kailangan ka ba, anak?"**

"Siya," itinuro ko si Taguro at saka tumingin sa kaniya.

Napabuntong-hininga si mommy. **"Kumusta ang pakiramdam mo?"**

"Okay naman, mom."

"Wala bang masakit sa 'yo, sigurado ka, anak?"

"Wala, mommy," umiling pa ako. **"Nandito si Taguro, eh."**

"Baka gusto mong kumain?"tanong ni Taguro.

"Susubuan mo 'ko?" bahagya akong ngumiti.

"Hindi. Pasubo ka muna sa mommy mo, may kakausapin lang ako," aniya 'tsaka lumabas ng kwarto.

Napamaang ako. *Grabe! Napakayabang! Tsk!* Gusto ko na namang sumimangot pero ang totoo ay masakit pa rin ang dibdib ko. Ayaw kong makita 'yon nang kahit na sino, lalo na si Taguro. 'Ayun na naman kasi 'yong pakiramdam nang bumabaon na sakit at umaabot sa likuran ko. Kung ako lang sana ang masusunod ay gusto ko nang mawala 'to ngayon. Ngayon na mismo. Pero ayaw kong mapunta sa kahit na sino, lalo na sa mga taong mahal ko.

Pero nang maalala ko ang mga huling sinabi ni Taguro ay parang biglang huminahon ang puso ko. Napaisip ako at napatingin sa pinto.

Ano na naman kaya ang pinaplano niya? Ano ang plano mo, Taguro?

"Kumain ka na muna, baby,"inilapit sa 'kin ni mommy ang overbed table. Hindi naman na naalis sa pinto ang paningin ko habang kumakain. Panay ang paghihintay kong pumasok uli si Taguro.

Pero naging matagal 'yon. Kaya naman panay ang pag-iisip ko kung ano ang ginagawa niya at kung sino ang kausap niya.

Mas mahalaga pa ba 'yon kaysa sa 'kin? Tch!

"Mommy?"

"Yes, baby?"

"Nasa'n na si Taguro?"

Napamaang siya at napabuntong-hininga. **"Nandiyan lang siya sa labas, anak, here,"** sinubuan niya pa ako.

"Ang tagal."

"May kausap siya, anak."

"Matagal pa rin."

"Anak, papasok uli siya dito. 'Wag mo masyadong isipin si Maxi."

"Matagal, mommy."

Bumuntong-hininga siya 'tsaka tiningnan si *Noona*. **"Papasukin mo na nga muna dito si Maxi, hija, please?"**Tatawa-tawang sumunod si *Noona*. **"Oh, continue your food na. Finish everything para lumakas ka kahit papaano."**

"Si Taguro—"

"Yes, anak, papasok si Maxi," kunot na kunot ang noo ni mommy.

Sumimangot ako. **"Nagsasawa ka na sa 'kin."**

Pabagsak niyang inilapag ang hawak na puswelo at saka nakapikit na sinapo ang noo. Nagulat na lang ako nang magmulat siya ay namamasa na sa luha ang mga mata niya. Mukhang hindi niya nagustuhan ang mga sinabi ko. Gusto ko agad magsisi dahil sa pangungulit sa kaniya.

"Mom—"

"Deib Lohr naman!" mahina ang pagsinghal niya. **"Sarili mo naman muna, anak! Kahit ngayon lang! Sarili mo na muna!"** 'tsaka siya nagsimulang umiyak.

Hindi ko naman nagawang mag-react dahil sa gulat. Hindi ko alam kung ano ang sasabihin at mararamdaman.

"Lacey, ano ba?" biglang lumapit si daddy. **"Ano ang nangyayari sa iyo? Bakit mo sinisigawan ang anak natin?"**

"Nakakainis na, eh! Tayo ay alalang-alala sa sitwasyon niya habang siya ay walang ibang inisip kundi iyong nobya niya!" noon ko lang nakitang magalit si mommy. Hindi ko malaman ang mararamdaman ko. **"Nakiusap kang papuntahin siya dito, pinagbigyan ko. Ngayong nandito na, gusto mo ay hindi na mawala sa paningin mo? Paano ang sitwasyon mo, Deib Lohr? Maawa ka naman sa sarili mo!"**

"Mom..."

"Puro ka Taguro! Taguro ka nang Taguro! Paano ang lagay mo, ha, Deib Lohr? Sa tingin mo ba ay matutuwa si Maxi kung may mangyayaring masama sa iyo?"

"Sorry," nagbaba ako ng tingin dahil sa sobrang pagkapahiya. Hindi ko napigilan ang samaan ng loob.

Sandaling nanahimik ang paligid, naramdaman ko na lang bigla ang pagyakap sa 'kin ni mommy. **"Sorry, anak, sorry."** Nagsimula na naman siyang umiyak. **"Pasensya ka na. Nag-aalala lang nang sobra si mommy, ha? 'Wag kang magagalit sa mommy."**

"Hindi ko naman kayang magalit sa 'yo, mommy."

Hindi ko maintindihan kung paanong nawala bigla 'yong sakit sa dibdib ko. Naiintindihan kong nasasaktan lang siya, sila, para sa 'kin. Kaso ay hindi rin naman siguro gano'n kahirap intindihin na kailangan ko si Taguro ngayon. Hindi kasi nila nararamdaman 'yong nararamdaman ko. Totoong nakatutulong si Taguro para maibsan 'yong sakit sa dibdib ko sa hindi maipaliwanag na dahilan.

"Sasama ako sa 'yo, mommy. Magpapagaling ako," paniniguro ko.

Nag-angat siya ng tingin at saka muling umiyak. **"Salamat, anak. Oo, gagaling ka, baby. Gagaling ka."**

Mayamaya lang ay pumasok uli si Taguro, bahagya pang ipinagtaka ang posisyon namin ni mommy. At saka napapabuntong-hiningang lumapit sa 'kin. Tumayo si mommy at hinawakan siya sa balikat bago umalis.

Tiningnan siya ni Taguro 'tsaka lumingon sa 'kin, mataman na namang tinitigan ang mukha ko. At gaya kanina ay para bang sinasaulo na naman niya ang mga sugat ko.

"'Wag mo nga akong tingnan nang ganiyan," bahagya akong nakanguso. Nasanay na ang labi ko sa sakit. **"Pakiramdam ko ay susuyurin mo ang buong Laguna, makita lang ang gumawa sa 'kin nito, Taguro."**

Ngumisi siya. **"Gano'n ba 'ko kasipag sa tingin mo, Sensui?"**

Mayabang... Dahan-dahan akong huminga nang malalim. **"Ang sugat sa buong katawan ko ay gagaling at maghihilom. Pero ang sakit sa dibdib ko ay hindi, Taguro."**

"Kaya nga magpaopera ka. May anesthesia 'yon. Paniguradong bibigyan ka rin nila ng gamot pampahilom."

"Hindi naman 'yon ang tinutukoy ko kasi! Tsk!" muntik akong mapa-aray sa biglang sakit sa dibdib ko.

"'Wag kang sumigaw."

"Napakapilosopo mo kahit kailan!"

Huminga siya nang malalim 'tsaka matamang tumingin sa 'kin. **"Magpagaling ka, Sensui. Kailangan mong gumaling. Kailangan mong bumalik nang malakas. Kailangan—"**

"Kailangan mo 'kong balikan, Taguro. Kailangan mong bawiin 'yong mga sinabi mo. Kailangan mo 'kong mahalin ulit."

"Grabe," bulong niya 'tsaka nag-iwas ng tingin.

"Kailangan mong gawin lahat 'yon, Taguro babe."

"Taguro babe, tss," muling bulong niya.

"Hindi man lang kita nakikitang ngumingiti mula pa kanina. Puro ka ngisi," nagsisimula na naman akong mahirapang magsalita.

"Hindi ka pa ba napapagod? Kanina ka pa salita nang salita. Baka may sumakit na naman sa 'yo niyan,"malakas talaga ang pakiramdam niya.

"Mukhang kailangan ko na ngang magpahinga," sabi ko na napangiwi nang maramdaman ang pangangalay ng likod ko. Noon lang ako nangalay nang gano'n katindi. **"Ang sakit ng likod ko, babe."**

Nabasa ko ang pag-aalala sa mukha niya nang sabihin ko 'yon pero wala siyang nagawang kilos. Natutuliro siyang tumingin sa mga naro'n, agad namang kumilos para lumapit sa 'kin sina Randall at *Noona*. Sila ang nag-ayos ng kama ko para mapahiga na uli 'yon.

"Babe..." Iniangat ko ang kamay ko papalapit kay Taguro nang umayos ang paghiga ko. Agad naman siyang lumapit. **"Ano ang nasa isip mo?"**

"Marami, bakit?"

"Tulad ng ano?"

"Tulad ng...kahirapan. Ano kaya ang pwedeng gawin ng gobyerno para mabawasan ang kahirapan sa bansang 'to?" seryosong-seryoso siya nang sabihin 'yon. Na para bang 'yon na ang pinakamabigat niyang problema.

Kahit kailan! Tsk! **"Hindi 'yon, Taguro,"** hindi ko na nakuha pang ngumuso.

"Biro lang 'yon."

"'Wag ka na kasing nagbibiro dahil hindi ka magaling do'n."

"Saan ako magaling kung gano'n?"

"Sa pananakit."

"Tss, at saan ka naman magaling kung gano'n?"

"Sa pagmamahal."

"Na may kasamang pananakit?"

"Taguro..."

"Biro lang uli 'yon. Magpahinga ka na."

Hindi agad ako nakapagsalita, matagal muna akong tumitig sa kaniya. **"May balak ka bang maghiganti?"**mayamaya ay tanong ko.

"Kanino?" kunot-noo niyang tanong.

Nag-iwas ako ng tingin at napabuntong-hininga. Ang lahat ay nasa amin ang paningin at hindi ko na magawang basahin ang nakaukit sa mga mukha nila. Pakiramdam ko ay pagod na pagod ako at ang pakikipag-usap kay Taguro ang dahilan no'n. Hindi ko malaman bigla kung bakit parang nanghihina ako.

Nagsisimula na namang mamuo ang kirot sa gitnang bahagi ng dibdib ko. Bagaman hindi bumabagal at biglang bumibilis ang tibok doon. Sadyang nakasentro ang puso ko sa maliit na kirot na 'yon, masakit na masakit pero hindi kapani-paniwalang kinakaya ng dibdib ko.

"'Wag kang maghihiganti, Taguro. Ayaw kong may mangyari sa 'yo."Tumitig ako sa kaniya. Hirap na hirap na naman akong magsalita. Mabagal at mahina. **"Kung maghihiganti ka ay hintayin mo 'ko. Sabay tayong bumuo ng plano kung paano gaganti sa mga gumawa sa 'kin nito."**

"Wala sa plano ko ang maghiganti, Sensui." Lumapit siya at humalik sa labi ko. Bahagya kong ikinagulat 'yon at saka ko naramdaman ang hiya nang maalalang hindi pa ako naliligo. **"Pero hindi ko maipapangakong walang mangyayaring aksidente."**

"Taguro..."

"Ang patakaran ko, hindi ko sinabing kalimutan mo." Pahina na nang pahina 'yon sa pandinig ko.

Nasa gano'n kaming sitwasyon nang pumasok sina daddy at dalawang doktor. Tiningnan na naman ako ng mga doktor. Kung ano-ano uli ang mga itinanong sa 'kin na sinagot ko ng iling at tango. Pinindot ang mga monitor sa tabi ko at tinusukan ang dextrose ko nang kung ano-ano.

At mayamaya lang ay nakaramdam na ako ng antok at nakatulog nang hindi man lang nakakausap si Taguro.

Ang patakaran ko...hindi ko sinabing...kalimutan...mo...

MAX'S POV

"Bukas ang flight namin, Maxi,"ani Mrs. Enrile habang nakatitig ako sa natutulog na si Sensui.

Hindi ko siya nilingon. Nanatili akong nakatayo sa paanan ni Sensui, magkakrus ang braso at pinag-aaralan ang bawat sugat sa mukha niya.

"Would you like to come with us?"

Sandali pa akong tumitig sa dibdib ni Sensui 'tsaka ako humarap sa katabi. **"Hindi pwede, Mrs. Enrile."**

"Bakit naman, hija?"

"Marami ho akong kailangang asikasuhin. Kailangan ko ring pumasok. Dahil ang usapan namin ni Dean Enrile ay hindi ako pwedeng um-absent. Parte 'yon ng accelaration ko."

Bigla ay nangunot ang noo ko, agad na iginala ang aking paningin sa mga naro'n. At inalala kung sino-sino ang nasa labas.

"Nasaan nga pala si Dean Enrile?"tanong ko nang ang mga mata ay gumagala pa rin.

Bigla ay parang nagtaka rin siya, naigala rin ang paningin bago muling tumingin sa 'kin. Pero hindi nagawang magsalita ni tita. Hinarap niya ang asawa at saka doon hinanap ang matanda. Pero parang ang lahat ay sandaling natigilan at napaisip, animong nalimutang ipagtaka ang kawalan ng presensya ni Dean.

"Where is he?" hindi ko naiwasang magtanong muli. Nalilito silang tumitig sa 'kin, nagsisimulang mag-alala. **"Where is he?"** pag-uulit ko.

"I don't know, we don't know." Nalilito sa pagsagot si Dein. Parang bigla ay binalot ang lahat ng takot. Hindi normal na mawala ito gayong hindi maganda ang lagay ng paborito nitong apo.

"Call him," utos ko kay Dein na tumango bago sumunod.

Pinanood ko siyang tawagan ang kanyang lolo. Hindi ko inalis ang paningin ko hangga't hindi siya nakikitang magsalita. Pero lalong nangibabaw ang pag-aalala sa mukha niya nang walang sumagot sa kaniyang tawag.

Damn it! **"Hindi ninyo man lang ba napansing wala siya?"**

"Hindi," nalilitong sabi ni Mrs. Enrile. **"Hindi ko naalalang hindi siya dumaan ngayong araw, anong oras na."** Tumingin pa siya sa relos. Nagsisimula silang magpaikot-ikot sa sobrang pag-aalala. **"No'ng nakaraan at kahapon lang siya dumaan dito, hija. Ngayon ay hindi. Bakit nga ba hindi ko naalala?"**

"Naih!" malakas kong tawag, kasunod no'n ay ang pagpasok niya. **"Nakita mo si Dean Enrile kanina sa school?"** pag-iling lang ang isinagot niya. **"Tsk."**

"God, is it happening again?"nalilitong ani Mr. Enrile.

"Oh, God," nasapo ni Mrs. Enrile ang noo at naguguluhang napaupo. Nasaksihan ko ang panginginig ng mga kamay niya.

"Ano ang nangyayari? Mom? Dad? Pein?" nalilito na rin maging si Dein.

"Go, Maxpein," ani Chairman Moon. Natuon ang nagtataka, nalilito, nag-aalalang paningin ng lahat sa kaniya bago ako nilingon.

Tumango ako bilang tugon. **"Chairman Enrile,"** baling ko rito saka muling nililingon si Sensui. Tiningnan ko siyang maigi at saka bumaling sa senyor. **"Come with me."**

"Where are you going?"nagsisimulang maghisterya ang tinig ni Mrs. Enrile. **"Maxi, hija, where are you taking him?"**

"Kailangan naming makita si dean, Mrs. Enrile. Pupuntahan namin ang bahay niya."

"Pero...pero pwedeng sina Lohrton na lang ang gumawa no'n, hija. Dumito ka na lang. Delikado," nag-aalala ang tinig niya.

"Wala 'yan sa bokabolaryo ko, Mrs. Enrile." Tumango ako ng ilang segundo sa harap niya. At saka kinuha ang lubid na nakita ko sa tabi ng silyang nasa tabi rin ng kama ni Sensui.

"What's that thing?" nagugulat na tanong ni Randall. **"Pein, what is that thing on your hand?"** Dahil kilala na niya ako ay hindi nawala ang pagtataka at pag-aalala sa tinig niya.

Hindi ko na nagawang sumagot. Sa halip ay tiningnan ko na lang si Chairman Enrile at agad kong nabasa ang pagkatuliro niya. Hindi ako pwedeng magkamali, may pumasok dito bago pa man kami dumating.

Lumabas ako ng kwarto, kasunod ko ang dalawang Chairman. Tumayo sina Maxwell at Yaz na magkatabing nakaupo sa lounge nang makita kami. Nandoon din si Mokz na kasalukyang naglalaro sa gameboy na dala.

"Where are you going?"nagtatakang tanong ni Maxwell.

"Hindi man lang nila napansing wala si Dean Enrile," naiinis kong sabi.

"What?" dismayado ang tinig niya. **"Hindi ko rin napansin."**

"Pupuntahan namin ang bahay niya."

"Pein..." Matalas ang tingin sa akin ni Maxwell.

"I'm okay."

"What do you think is happening?"tanong ni Chairman Enrile. Hindi niya maitago ang garalgal na pananalita.

Tinitigan ko siya. **"Ano ang nangyari kanina?"**

"Kanina?"

"Kanina, Chairman Enrile."

Bigla ay parang natuliro siya. **"I don't know what you're saying."**

"But I know you're hiding something, Chairman."

Nakamaang siyang tumigi sa 'kin. **"I don't know what you're saying,"** giit niya, pilit pinagmumukhang galit ang sarili.

"Just go, Maxpein. Let's talk about this later," suhestyon ni Chairman Moon.

"That's a good idea," pagsang-ayon ni Chairman Enrile. **"Nag-aalala rin ako para sa anak ko."**

"Kanina pa sana," inis ko siyang tiningnan. **"May dala kayong sasakyan?"** Tumango siya. **"Kayo ang magmaneho, magpapahinga ako sa likod."**

"What?" nagtangis ang bagang niya sa inis.

"Just do what she said and you will be safe." Maawtoridad ang tinig ni Chairman Moon. Tumango ako kina Mokz at Chairman Moon 'tsaka ako nagpaumuna sa elevator.

"*Sesanghe*! What is happening? Why can't you tell me?" usisa ng senyor habang bumababa kami.

"Hindi ko rin alam kung ano ang nangyayari kaya nga ho aalamin natin," hindi ako tumingin sa kaniya. Hinintay kong bumaba nang bumaba ang numero sa maliit na screen. **"Bakit ba hindi ko napansing wala siya?"**pabulong ko pang tanong.

At gano'n na nga ang ginawa namin. Sa parking lot pa lang ay sa likuran na ako naupo. Nang paandarin niya ang makina ay 'tsaka ako nahiga gamit ang mga braso ko bilang unan. Nang magsimula siyang magmaneho ay 'tsaka ako nagsimulang magsalita.

"Wala kayong kasama, Chairman Enrile. Kailangan niyong pumunta nang mag-isa." Nakapikit kong sabi.

"Ano?" nagugulat niyang tanong, naramdaman ko ang paglingon niya sa 'kin.

"Kahit anong mangyaru ay huwag kayong lilingon sa akin. Hindi ko aalisin ang paningin ko sa inyo."

"Hindi ko makuha ang sinasabi mo!" nagsisimula na siyang matakot.

Tss. Slow. Lolo nga siya ni Sensui. **"Iisipin ninyong mag-isa kayo, 'yon lang 'yon. 'Wag ninyong intindihin ang presensya ko. Nang hindi malamang may kasama kayong pumunta ro'n,"** iyon na ang huli kong sinabi dahil ang mga sumunod kong narinig sa kaniya ay puro mura na.

Hindi nagtagal at naramdaman ko ang paghinto ng sasakyan matapos nang mabilis na byahe. Maging ang pagpapakawala nang malalim na hininga ng senyor ay narinig ko. Hindi na ako bumangon. Sa gano'ng posisyon ko naman kasi ay natatanaw ko ang malaking bahay sa harap ko.

"May daan ba dyan papasok nang hindi dumaraan sa unahan?" mahina kong tanong. **"Hindi ninyo na kailangang lumingon sa 'kin."**

"Wala, sa harapan lang talaga ang daan," mahina niyang sagot, hindi rin nagpapahalatang nagsasalita.

"Meron. May nakikita 'ko, eh,"sabi ko at saka pinagkasya ang sarili sa maliit na espasyo. **"Bumaba na kayo. 'Wag ninyong i-lock ang pinto ng bahay."**

"Ha? Oo, s-sige," ngali-ngali niyang sabi 'tsaka sumunod. Sinabayan ko ang pagkilos niya para iisang tunog ang magawa namin.

Nagtago ako sa likuran ng sasakyan. Pinanood ko ang paglalakad ng Chairman papasok ng bahay. Pakiramdam ko ay lilingon siya sa 'kin at isa

'yong kamalian. Laking pasalamat ko nang magtuloy lang siya hanggang sa makapasok sa gate.

Tumingin ako sa paligid, pilit na humahanap ng nakaparadang sasakyan. Pero isang motor lang ang nakita ko sa di kalayuan. Tumingin ako sa 'taas, wala akong nakitang kakaiba bukod sa madilim ang bahay. Nakayuko akong kumilos gamit ang dilim, naglakad papalapit sa motor na namataan ko. Kinapa ko ang gulong habang ang paningin ay nasa bahay ni Dean Enrile. Niluwagan ko ang pagkakaroskas ng takip na siyang pasukan ng hangin ng gulong. Naghintay pa ako ng ilang segundo, muling nagmatyag, bago kumilos papunta naman sa gilid ng bahay.

Patalon kong inabot ang sanga ng puno, idinuyan nang malakas ang sarili hanggang sa maikalawit ang mga paa sa kabilang sanga. 'Tsaka ko pinuwersa ang katawan kong tumaob at sa gano'ng posisyon ay pagapang akong lumapit sa katawan ng puno. Nang mapagtagumpayan ko 'yon ay 'tsaka ako yumakap sa katawan. Ibinalanse ko ang katawan patulay sa makapal na sanga. At bago makarating sa dulo no'n ay saka ako tahimik na tumalon pababa. Swabe!

Madilim ang kabuuan ng bahay. Tanging iyong nasa labas lang ang liwanag na meron. Hinintay ko munang magkaro'n ng liwanag mula ro'n, hudyat na kumikilos pa si Chairman Enrile.

At hindi nga nagtagal ay bumukas ang ilaw sa ibaba saka sunod-sunod na nagliwanag ang iba pa. Naririnig ko rin ang pagtawag ng Chairman sa dean, kaya doon na ako kumilos.

Bakit kasi wala siyang kasama? Tss.

Sinadya kong gumilid sa mismong pader at sa gano'ng sitwasyon naglakad papunta sa pinto. Walang hinto sa paggala ang mga mata ko, panay ang pagmamatyag sa paligid ko. Tahimik akong pumasok, iginagala pa rin ang paningin.

Maayos ang loob ng bahay, wala ring makikitang senyales na pwersahan itong pinasok. Pero sobrang tahimik. Ang tanging maririnig ay tinig ng Chairman na paulit-ulit tinatawag ang anak. Tahimik akong naglakad, mabilis, hanggang sa mapunta sa kusina kung saan naroon din ang senyor.

"Wala," pabulong niyang sabi. Sinenyasan ko lang siya na manahimik.

Tahimik na naman akong naglakad hanggang sa makitang may pinto ro'n at bukas 'yon. Tiningnan ko ang siradura at mukhang doon pumasok ang kung sinumang kasama namin ngayon dito sa loob.

Nakatingin ang Chairman sa 'kin nang lingunin ko. **"*Go,*"** sinabi ko 'yon nang hindi naglalabas ng boses.

Muling pumasok sa sala si Chairman Enrile. **"Dei Min? Where are you?"**paghahanap pa rin niya na tumingin sa gawi ko at agad na nangunot ang noo.

Isinenyas kong umakyat siya sa 'taas na bagaman may alinlangan ay agad niya ring sinunod. Naghintay ako ng ilang segundo, pinakiramdaman kung ano ang nangyayari sa 'taas pero wala akong napala. Katulad kanina ay idinikit ko ang aking likuran sa pader, sa gano'ng posisyon ako naglakad paakyat.

"Dei Min?" muling pagtawag ni Chairman Enrile. **"Dei Min, where are you?"**

Hindi gano'n kalaki ang bahay kaya naman mahuhulaan kung ano-anong parte na no'n ang kinaroroonan ko. May tatlong kwarto sa 'taas, bukas ang dalawang pinto at 'yong nasa dulo ang sarado. Nasilip kong papunta sa gawing 'yon ang Chairman.

"Dei Min?" pagtawag niya na kumatok pa. Mababakasan ang magkahalong takot at kaba sa tinig niya. Mula sa pwesto ko ay makikita rin ang panginginig ng mga kamay niya. **"Dei Min, are you in there? Papasok ako riyan!"** anunsyo ng Chairman at saka binuksan ang pinto. **"Ha! Who are you?"** pasigaw niyang sabi na siyang naging hudyat ng pagkilos ko.

Hindi pa rin ako naging marahas. Gaya kanina ay idinikit ko pa rin ang katawan sa pader at naging maingat sa pagkilos. Hindi pwedeng malaman ng kung simuman iyon na may kasama ang Chairman. Gusto ko ring mahuli sila sa akto.

"What are you doing?" muling bulalas ng Chairman, ilang dipa na lang ang layo ko sa pinto. **"What did you do to him? Dei Min! Dei Min!"**

Hindi na ako nakatiis dahil nag-alala ako sa sitwasyon ni dean. Bukas ang pinto, madilim sa loob. Ang tanging makikita ay ang likuran ng taong nakaharap sa mag-ama. Halos lahat din ng suot ay itim at may tabing ang mukha.

Kamalas-malasang tumambad ang anino ko sa dulong parte ng kwarto. Kaya naman agad nilingon ako nito. Nagtama ang paningin namin at bahagya akong ngumisi.

"We meet again," nakangisi pa ring sabi ko habang iginagalaw ang mga daliri sa magkabilang kamay.

Hindi sumagot ang kaharap ko, dahilan para lalo akong mapangisi. Pinakatitigan ko ang mga mata niya ngunit hindi ko 'yon masyadong makita. Pasimple kong tiningnan ang dean, nakagapos ito at may busal ang bibig. Gayunman, mabuti at maayos ang lagay niya at mukhang hindi dumaan sa hirap.

"What do you want from him?"tanong ni Chairman Enrile. **"What do you want from us?"**

Pero napako sa 'kin ang paningin ng lalaking ito sa harapan ko. Sandali kaming nagtitigan na para bang nagpapakiramdaman. Gusto kong makita ang mga mata niya pero bukod sa patay ang ilaw sa loob ay nahaharangan ang nasa labas. Tanging repleksyon ng liwanag ang makikita sa mga mata niya.

Humakbang ako papalapit at umatras naman siya. Ngumisi ako at muling humakbang papalapit. Dalawang beses naman itong umatras. Muli akong humakbang papalapit at nang akma siyang aatras ay saka ako sumugod. Natuliro agad ito at hindi napaghandaan ang gagawing pag-iwas.

Padaklot ko sanang hahawakan ang mga balikat niya ngunit nagawa niya 'yong salagin gamit ng mga kamay. Sumuntok ako sa ibaba ngunit nagawa niya ring umilag. Nang sumuntok ako sa ibabaw ay hinampas niya ang kamay ko papalayo. Muli akong bumaba pero nagagawa niyang sanggain ang sunod-sunod kong pag-atake. Lalo akong bumaba at akmang papatirin siya ngunit nagawa niyang tumalon. Kahanga-hangang naging tahimik ang paglapat ng mga paa niya sa sahig.

Matapos no'n ay nagpaikot-ikot kami sa isa't isa. Inayos niya pa ang pagkakasuot ng jacket at suot na bonet na animong ayaw ipakita kung sino siya.

Dahil hindi siya sumusugod ay ako uli ang lumapit. Sumuntok ako ngunit naramdaman ang pagdulas ng kamay niya mula sa pulsuhan ko papunta sa braso. Hinila niya ako sa braso 'tsaka pabatong inilayo.

Muli akong sumugod, patalikod siyang umiwas. Muli akong sumuntok, yumuko siya para ilagan iyon. Sa sandaling iyon ay sunod-sunod na sipa sa ibaba na may kasabay na pagsuntok naman sa ibabaw ang ginawa ko. Hindi kapani-paniwalang sunod-sunod niyang nasasangga kung hindi naiilagan ang mga 'yon.

"Maxpein!" dinig kong tawag ng Chairman pero hindi ko ito nagawang lingunin. Napako ang atensyon ko sa kaharap, kakaiba ang bilis ng isang 'to at ipinapahiya ang ehersisyo ko.

Nangunot ang noo ko at dinoble ang bilis. Halos maikot namin ang buong kwarto dahil sa pag-atras niya at pagsugod ko. Sunod-sunod ang paghampas ng kamay ko, gano'n na rin ang pagsipa ng aking mga paa. Kaliwa't kanan, walang ritmo dahil masyadong mabilis para sabayan. May sandaling sasanggain niya ang pag-atake ko sa itaas kaya nalilimutan ang pag-atake ko sa 'baba.

Sa gano'ng sitwasyon ay nagawa kong hawakan siya sa siko at buong pwersa na hilahin papalapit sa 'kin. Hindi niya inaasahang tatama ang kamao ko sa ibaba ng kaliwa niyang tainga. Wala man lang akong narinig na tinig pero batid kong nasaktan siya. Senyales ang biglang pagbilis at matunog niyang paghinga.

Muli siyang lumayo sa 'kin 'tsaka pumuwesto, iniamba ang parehong kamao sa pagsugod ko. Gumaya ako at bumuo ng sariling postura, nakabuka ang mga hita't paa, habang ang mga kamay ay nakabuka at nakaamba rin sa kaniya.

Nagtiim ang bagang ko 'tsaka muling sumugod. Agad akong sumuntok pero nagawa niyang ihiga ang sarili niya paatras para maiwasan 'yon. Hinala ko ang damit niya upang muli siyang maitayo at sinalubong ng panibagong suntok. Pero pailalim niya namang iniwasan 'yon. Gamit ang gilid ng braso ay tinapik niya ang kamay ko para mabitawan siya.

Pasugod ako nang pasugod ngunit wala siyang ibang ginawa kundi ang umatras. Sunod-sunod ang mabilis na pagsuntok ko ngunit nagagawa niyang ilagaan o di kaya ay sanggain ang mga iyon. Hanggang sa makakuha siya ng tyempo at patakbong nilisan ang kwarto.

Nilingon ko ang mag-ama 'tsaka ako sumunod dito. Nagmamadali itong tumakbo pababa ng hagdan, habang ako naman ay tumalon para lang siya maabutan. At sa 'baba ay muli kaming nagharap. Agad akong sumugod ngunit paatras na naman siyang umiwas. Bawat suntok ay sinasangga lang niya. Hindi man lang gumanti maski isang beses.

Bakit ba hindi man lang siya lumalaban?

Hindi ko na maiwasan ang magtaka kanina pa. Ni hindi man lang dumapo sa 'kin ang mga kamao niya. Anumang pag-atake ko ay kapansin-pansing pinagbibigyan niya. Umatras siya nang umatras hanggang sa mapunta kami sa kusina. Tumalon ako at sumipa sa pader, sa gano'ng paraan ay nagawa kong sipain ang mukha niya.

At sa sobrang lakas no'n ay tumumba siya ngunit nagawang tumayo agad. Inalog pa ang ulo na animong nahilo. Nakaabang ang pareho niyang

kamay sa gagawin kong pagsugod, patuloy pa rin sa pag-atras.

Nababasa ko na ang plano niya. Talagang doon siya umaatras papunta sa gawi ng pintong bukas. Nararamdaman ko nang balak niya akong takasan.

Hindi ko 'yon pwedeng hayaan kaya bigla ko siyang sinugod. Hindi niya inaasahan ang biglang pagyuko ko paibaba. Sinundan niya ng tingin ang mga mata ko kaya hindi namalayan ang paa kong papunta na sa kaniyang mukha. Nakita ko ang pagtalsik ng likido mula sa kaniyang bibig sa sobrang lakas no'n.

Gumewang siya at paatras sanang matutumba nang magawa niyang ibalanse ang katawan. Ngunit huli na ang lahat dahil bago niya pa ako magawang lingunin ay panibagong sipa ang sumalubong sa kaniyang mukha.

"Ah!" mahihimigan ang sakit at pagod nang pasinghal niyang sambitin 'yon.

Nakaupo siyang umatras habang patuloy ako sa paglapit. Nagmadali siya hanggang sa makakuha ng magandang tyempo para tumayo. Dahan-dahan niyang hinubad ang buckle ng suot na sinturon at mabilis na hinila 'yon sa kaniyang bewang. Pinanood ko siyang irolyo 'yon ng isang beses sa kaliwang kamay 'tsaka inilatigo sa sahig.

Sa kauna-unahang beses ay siya ang sumugod sa 'kin! Paulit-ulit na inihahampas sa magkabilang gawi ko ang sinturon kaya sunod-sunod din ang naging pag-iwas ko. Para akong patalon na sumasayaw habang umiiwas dito. Hanggang sa magulat na lang ako nang rumolyo ang sinturon sa kaliwang paa ko. Natumba ako nang pwersahan niya 'yon hilahin!

Mula sa pagkakahiga ay patalon akong tumayo, bagay na naging biglaan kaya hindi niya inaasahan. Hinugot ko ang kabilang dulo ng sinturon mula sa kaniya at saka siya pwersahang pinaikot upang doon iyon rumolyo sa leeg niya.

"Anong kailangan mo sa 'min?"mariing tanong ko sa mismong tainga niya.

Ngunit gano'n na lang ang gulat ko nang maramdaman ko ang pagsipa niya sa likuran ko! May kalakasan 'yon dahilan para mabitiwan ko siya at magawa niyang kumawala sa pagkakasakal ko. Muli niyang inihampas ang sinturon sa ere kaya napaatras ako. Sinubukan ko 'yong agawin pero magaling siyang umiwas.

Akma na akong susugod nang mula sa likuran ay maglabas siya ng baril at deretsong itinutok 'yon sa akin. Agad akong natigilan at deretso siyang

tinitigan. Pakiramdam ko ay biglang bumagal ang lahat sa paningin ko kaya naman nagawa kong panoorin ang pagkasa niya ng baril at muling pagtutok no'n sa 'kin.

Gamit ang baril ay sinenyasan niya akong itaas ang dalawang kamay. Sumunod naman ako. 'Tapos ay sinenyasan niya akong umakyat sa 'taas, hindi ko agad nagawang sumunod. Tinitigan ko muna siya hanggang sa makita ang sumasamang tingin niya. Muli ay sinenyasan niya ako at naging mabagal ang pagsunod ko.

Hindi ko inaalis ang paningin sa kaniya hanggang sa magsimula akong maglakad. Ngunit iilang hakbang ko palang ay isinuot niya na ang baril sa bewang. Paatras siyang lumayo saka patakbong nagtungo sa bukas na pintong nasa kusina.

Patakbo rin akong sumunod, mas mabilis na di hamak. Paikot akong pumunta papalapit sa lalagyan ng kutsilyo at binunot ang pinakamaliit. Nang makita ko ang kamay niyang nakahawak sa kahoy na dingding ay 'tsaka ko 'yon ibinato. Nasapul ang gitnang bahagi ng kamay niya.

Nasuntok niya ang pader sa sakit. Bigla siyang lumingon sa 'kin 'tsaka nagmamadaling hinila ang patalim at ibinato sa kung saan. Dere-deretso siyang tumakbo palabas pero hindi na ako humabol pa. Sinipa ko ang pinto para magsara 'yon 'tsaka ako pumunta papalapit sa malaking bintana.

Nakita ko ang lalaking 'yon na tumatakbo papalabas ng bahay. Panay ang lingon hanggang sa makarating sa motor. Mabilis niyang pinaandar 'yon papalayo sa bahay.

Sino ka?

Pwede ko pa itong habulin. Nasisiguro kong hindi siya mailalayo ng motor niya. Pero nilamon na ako ng pagtataka.

Hindi ko maiwasang magtaka. Hindi na siya ang unang tao na nakaharap ko na may tabing ang mukha at panay itim ang suot. Pero siya lang ang panay ang pag-iwas. Siya lang ang hindi lumaban sa 'kin. Kung tutuusin ay halatang napilitan na lang siyang lumaban no'ng huli para makatakas. At ang isa ko pang ipinagtataka ay ni hindi ko man lang siya narinig na nagsalita.

Sa sobrang pagtataka ay nagawa kong tingnan uli ang dinaanan niya bagaman hindi na siya makita. Nangunot ang noo ko sa sobrang pag-iisip. Tuloy ay hindi ko namalayan ang patakbong pagbaba ng mag-ama.

"Maxpein!" bulalas ni Dean Enrile, nabigla ako nang salubungin niya ako ng yakap. **"Hindi ko alam ang gagawin kung hindi ka dumating.**

Salamat! Salamat!"

"Dean," ako ang kusang kumalas sa kaniya.

"Nasaan na iyong lalaki?"natutuliro pa ring tanong niya.

"Umalis na. Ano ang ginawa sa inyo?"

"Wala," ipinakita niya ang kabuuan ng sarili. **"May hinahanap siya, Maxpein."**

"Ano raw ho?"

"Hindi ano, kundi sino!"

Sa hindi malamang dahilan ay bigla akong kinilabutan. **"Sino?"** patanong kong tanong sa sarili bago muling nag-angat ng tingin sa matanda. **"Sino raw ho kung gano'n?"**

"Hindi ko alam," sunod-sunod niyang pag-iling. **"Ginalugad niya ang buong bahay ngunit walang ginalaw na gamit. Maniwala ka sa 'kin, maski isa sa mga gamit ko ay hindi niya hinawakan. Isinama niya ako upang makita ang lahat ng kwarto, ang buong bahay ko. At saka niya ako itinali nang wala siyang makita."**

"Hindi niya sinabi kung sinong hinahanap niya?"

"Hindi."

"Paano ninyo nasisigurong tao ang hinahanap niya kung hindi pala siya nagsabi?"

"Dahil kung bagay ang hinahanap niya ay ang mga gamit ko ang pupuntiryahin niya, Maxpein," iginala niya ang paningin, gumaya naman kami ng Chairman. **"Walang nagulo sa gamit ko maski isa, may nakikita ka ba?"** Tama siya. **"Maski isa sa mga cabinets ko ay hindi niya binuksan. Tiningnan niya lang ang buong bahay."**

*Sino naman ang hinahanap no'n?*Hindi ako panawan nang sobrang pagtataka. Nakukuha ko ang punto ni dean pero wala akong nagawa kundi ang patuloy na magtaka at mag-isip.

"Bakit naman wala kayong kasama? Alam ninyo namang hindi maganda ang sitwasyon nitong mga nakaraan." Hindi ko naiwasang ipakita ang inis ko.

"Ang totoo, Maxpein," hinawakan niya ako sa siko.

Inakay ako ni dean papunta sa pinto kung saan lumabas ang lalaki. Nakatingin ako kay dean habang sumasabay. Binuksan niya ang pinto at saka bumuntong-hininga.

"'Ayan sila," aniya na nasa labas na ng pinto ang paningin.

"*Sesanghe*..," pabulong na anang Chairman, hindi makapaniwala.

Doon palang ako lumingon. Dagling nangunot ang noo ko nang makita ang anim na tauhan ni dean. Pawang mga nakabusal ang bibig at nakatali ang mga kamay at paa.

"Nagawa niyang mag-isa 'yan?"tanong ko sa sarili.

"Oo," sagot ni dean, hindi ko siya nagawang lingunin. **"Sunod-sunod at walang hinto. Nagawa niyang itali ang mga tauhan ko nang walang kahirap-hirap. Kaya noong makaharap ko siya ay hindi na ako sumubok lumaban."**

Binawi ko ang siko mula kay dean at saka ako lumabas at lumapit sa mga tauhan. Naupo ako sa harap nila at ipinatong ang aking siko sa isang tuhod. Sinenyasan ko ang isang lumapit para matanggal ko ang busal sa bibig niya. Matapos no'n ay saka ko siya sinenyasang ipakita sa 'kin ang kamay.

Pinakatitigan ko ang lubid na ginamit pantali ro'n. At hindi ako pwedeng magkamali. Hindi 'yon nalalayo sa lubid na nakita ko sa tabi ng silya malapit sa kama ni Sensui sa ospital. Iyong lubid na dinala ko at iniwan sa kotse ng Chairman.

Kinalagan ko ang isa at inutusang kalagan ang mga kasama. 'Tsaka ako bumalik sa loob at pinagmadali ang mag-ama. Mula no'n ay hindi na ako nagsalita hanggang sa makabalik kami ng ospital. Sinalubong kami ng napakaraming tanong. Hindi na nagdalawang-isip si dean na magkwento. Napaiyak ang mag-inang Dein at Mrs. Enrile dahil sa takot. Panay naman ang pabulong na pagmumura ni Chairman Enrile. Hindi naman mahinto sa pagpapasalamat sina dean at Tito Lohrton.

"Mukhang malalim ang iniisip mo." Tumabi sa 'kin si Chairman Moon, nasa labas kami ng kwarto ni Sensui. **"Is everything alright?"**

"I don't know what to do anymore." Para akong nauubusan ng lakas. Nanlulumo masyado sa nangyayari. **"And I don't think this is fair, *Hwejang-nim*."**

"Of course, it is not fair."

"What should I do?"

"What are you planning to do?"nakangiti niyang tanong.

Sandali akong natigilan. **"Will you allow me to do something?"**

"Of course, if it's needed, Maxpein Zin," napakaganda ng ngiti niya. Kaya kong titigan iyon magdamag. **"That's who you are. That's why you are Maxpein Zin. It is your obligation to those who are in need."**

Napabuntong-hininga ako at saka nag-iwas ng tingin. **"Pero masyadong kulang ang nalalaman ko. Kailangan kong malaman ang pinagmulan**

nito."

"Ang kaso ay mukha namang walang nakaalalam."

"Si Chairman Enrile, nasisiguro kong may nalalaman siya."

"Bakit hindi mo siya tanungin kung ganoon?"

"Ayaw nga niyang magsabi. Pakiramdam ko maski siya ay hindi siguradong may nagawa siya."

"Ano nga naman ba ang basehan mo para isiping may nalalaman siya?"

"Dahil mula pa lang sa Palawan ay siya na ang puntirya nila."

"Maaaring ganoon nga, hija,"tumango-tango ang Chairman. **"Bakit naman tayo nadamay kung ganoon?"**

"Dahil nakikialam tayo sa kanila."

"Hm," huminga nang malalim ang Chairman. Gaya ko ay ipinatong niya ang mga siko sa tuhod. **"Sa ganyang lagay ni Deib Lohr, sino ang nobyang hindi mangingialam?"** natatawa niyang sabi 'tsaka umiling nang umiling. **"Sa ganoong ginawa nila sa ating teritoryo sa Palawan, sino ang magsasawalang-kibo na lamang? Natural lamang sigurong kumilos tayo."**

Hindi ko siya sinagot, sa halip ay nag-isip na lang ako. May punto si Chairman. Pero hindi sila parehong mag-isip ng mga iyon.

"Ano ang nangyari sa bahay ni Dei Min?"

"May pumasok."

"Nakilala mo?"

"Hindi," bumuntong-hininga ako. **"Pero nasisiguro kong isa 'yon sa mga nakaharap ko na."**

"May nakuha ba sa mga gamit niya?"

Umiling ako. **"Ang kutob ni dean ay may hinahanap ang lalaking 'yon na pumasok sa bahay niya. Pero sa tingin daw niya ay hindi gamit ang hinahanap nito kundi tao."**

"Tao?"

"*Ye, Hwejang-nim*," tumango ako biglang pag-oo.

"Hm," pinaglaro niya ang mga daliri sa pagitan ng baba at labi. **"Tauhan nila?"**

"Posible," nagkibit-balikat ako. **"Tss, paniguradong sila-sila lang din naman 'yon. Pero hindi ko sila pwedeng maliitin, may laban sila."**

Humalakhak nang mahina ang Chairman. **"'Buti nakabalik ka pa?"**

"Tss." Nag-iwas ako ng tingin at saka napayuko sa mga braso. Nanlulumo masyado. **"Hindi ko alam kung kailan ba magiging normal ang buhay ko. Parati na lang may hadlang. Hindi ko nakitang mangyayari ang mga 'to. Ang inaasahan ko ay magiging normal na ang buhay natin kapag dumito tayo."**

Naramdaman ko ang paghaplos niya sa buhok. **"Pasensya ka na sa uri ng buhay na ibinigay ko sa iyo, Maxpein."**

Bigla kong naiangat ang paningin, nagpapaumanhing tumingin sa kaniya. **"*Aniyo,*"** umiling ako. **"Walang kinalaman 'to sa inyo, Chairman."**Ngumiti siya. **"Pasensya na sa nasabi ko."**

Muli lang siyang ngumiti at sandaling natahimik. Pareho kaming nag-isip. **"Kung tao ang hinahanap nila, sino naman kaya iyon?"** muling tanong niya.

"Hindi ko alam. Ang totoo ay nagtataka rin ako. Magkasunod na pinasok ang bahay namin ni Maxwell. Minsan na rin nilang tinangkang kunin si Maxrill. Inakyat din sina Sensui. Tss. Hindi ko alam. Para na akong mababaliw kaiisip."

"Hindi naman kaya iyong nasa atin?" pabulong niyang tanong. Natigilan ako.

Napaayos ako ng upo at nagugulat na napatitig sa kaniya. **"Sino?"** nagtataka kong tanong.

"Iyong nahuli natin sa Palawan. Iyong nakakulong sa mansyon, Maxpein," pabulong niyang sabi.

Si Taylor!

Natitigilan akong napaisip. Halos makalimutan ko na ang lalaking 'yon. Mula nang komprontahin namin siya ni Heurt tungkol sa pangyayari sa Palawan ay hindi na uli 'yon nasundan. Ilang buwan na rin ang nakilipas mula no'n.

Lintik, bakit ba nalimutan ko ang lalaking 'yon? Nahilamusan ko ang mukha sa inis.

Hindi nagtagal at nagpaalam ako sa mga Enrile. Hinintay ko pa kasing makarating ang mga tauhang pinapunta ni Chairman Moon upang bantayan sila. Paulit-ulit pa rin silang nagpapasalamat.

Bukas ang alis nina Sensui papuntang Amerika. Isang buwan silang mananatili ro'n. Nakakalungkot kung iisipin pero hindi ako pwedeng umalis dito.

Natatakot ako sa mga pwedeng mangyari kapag naiwan ko ang pamilya naming pareho ni Sensui. At isa pa ay kailangan kong makatapos. Iyon na lang ang maipagmamalaki ko sa sarili ko at sa aking pamilya. Hindi mangyayari iyon kung aalis ako at mag-iipon ng absents o excuses.

Tahimik kaming bumyahe pabalik sakay pa rin ng kotse ni Maxwell. Sina Chairman at Mokz naman ay nasa kabilang sasakyan.

"Hindi ka talaga sasama kay Sensui, Max?" hindi ko namalayang tanong ni Naih. **"Max?"**

"Oh?" gulat akong napalingon sa kaniya.

"Hindi ka ba 'kako sasama sa Amerika?" pero hindi ko nagawang intindihin ang sinasabi niya. **"'Oy! Ano ba? Wala ka na naman sa sarili!"**

"Ano ba 'yon?" pasinghal kong tugon.

"Wala!"

"Ano nga?"

"Abara kasa hasa didhu salele lele! Hem bala bala hem bala bala suwing bala bala!"

"Ano?" kunot-noong kong tanong.

"Bwisit ka! Hindi ka ba 'kako sasama kay Sensui sa Amerika?"

"Hindi! Tss," nag-iwas uli ako ng tingin sa inis.

"Isang buwan? Grabe, ang tagal no'n! Bahala ka, ikaw rin. Baka pagbalik no'n dito ay hindi ka na makilala. Hehe, mala-Daummin Sse lang!"

Hindi ko siya magawang intindihin dahil masyadong abala ang utak ko. Okupadong-okupado kung pa'no kong kokomprontahin ang lalaking 'yon. Totoong nawala na siya sa isip ko. Kung hindi ipinaalala ng Chairman ay baka mabulok na lang 'yon sa attic ng mansyon.

Nanguna akong pumasok nang makarating sa mansyon. Nagmadali akong puntahan ang kwarto kung saan nakakulong si Taylor.

Gulat siyang nagising nang balyahin ko ang pinto papasok. Hindi siya makagawa ng anumang kilos. Parehong nakagapos ang mga kamay at paa niya sa bakal na rehas. Nag-angat lang siya ng tingin sa 'kin 'tsaka ngumisi.

"It's been a while, Miss Moon—"Hindi niya na natapos ang sasabihin nang dakmain ko siya sa panga.

"Ano ang kailangan ninyo sa 'min?"

"Calm down."

"Ano ang kailangan ninyo sa 'min!" diniinan ko ang pagkakahawak sa panga niya.

"Relax! Hindi pa ba nila nasabi?"

"Hindi kita tatanungin kung sinabi nila."

"Imposible."

Dinagukan ko ang dibdib niya. **"Sumagot ka nang maayos kung gusto mong maabutan ang liwanag mamaya. Ano ang kailangan nimyo sa 'min?"**

"Sa tingin ko ay hindi ako ang nararapat na magsabi niyan. Kung makapaghihintay ka pa ay sasabihin din nila iyon sa tamang panahon."

"Ang nangyari sa Palawan, ang sunod-sunod na pangyayari ngayon! Bakit nangyayari ang lahat nang 'yon? Ano ang kailangan ninyo sa 'min!" paulit-ulit kong itinatanong dahil hindi niya 'ko binibigyan ng sagot.

"Ano-ano na ba ang nangyayari ngayon, Miss Moon?" sarkastiko niyang sagot at naiinis ako masyado sa gawi niyang 'yon. **"Huwag kang mag-alala sapagkat kung naririto ka ngayon sa harap ko ay paniguradong hindi pa malala ang nangyayari."**

"Bakit ninyo ginagawa sa 'min 'to?"

"You are not supposed to be part of the plan, Miss Moon," nakangisi pa rin niyang pag-amin. **"Pero dahil nandito ako, parte na kayo ngayon ng plano."**

"Kung hindi niyo pinasok ang teritoryo namin ay wala ka dito."

"Nagsisisi ka na ba kung ganoon?"

"Hindi ako sa isang tulad mo lang magsisisi," hinala ko ang kwelyo niya at inilapit ang mukha sa 'kin. **"Kung gano'ng wala pala 'kong mahihita sa 'yo, papayag kang mabulok dito?"**

"Palalayain mo ba ako kung magsasalita ako?"

"Kung katotohanan ang lahat ng sasabihin mo."

"Sige kung gano'n."

"Pa'no ako makasisigurong totoo ang lahat ng sasabihin mo?"

Ngumisi siya. **"Darating din tayo diyan. Pero sisiguruhin ko sa 'yong kung palalayain mo ako ngayon ay hindi mo iyon pagsisisihan."**

Muli ko siyang dinagukan sa dibdib. **"Alam mo ba kung ano ang mga nangyayari? Akala mo gano'n kasimple!"**

"Nandito ako at hindi nakararating sa akin ang mga pangyayari, Miss Moon. Kaya huwag kang umasa sa akin na makikiramay ako sa kung anumang iyong pinagdaraanan,"pormal at nakangisi niyang sabi.

Sa inis ko ay tinuhod ko ang dibdib niya at napalakas 'yon. Sunod-sunod ang pag-ubo niya at ngingisi-ngisi nang mahinto.

"Sino ang mga Rewis?"

"Rewis?" natatawa niyang tanong, nangunot ang noo ko. **"Ah! Ang mga Rewis!"**

Natigilan ako at mas napatitig sa kaniya. Nasisiguro kong sa naging reaksyon niya ay may itinatago siyang iba pa. *Kung gano'n ay hindi talaga Rewis ang mga 'yon? Tss. Bakit nga naman sila gagamit ng tunay nilang pangalan, Maxpein!*

"Sino ang mga Rewis!" pasinghal kong tanong, inalog siya habang hawak sa magkabilang kwelyo ng damit. Pero sa halip na sumagot ay pinagtawanan lang ako nito nang nakakaloko. Hindi ko napigilan ang sarili at inumpog siya sa pader na kinasasandalan.

"Galit ka na yata?" natatawa pa rin niyang tanong. Hindi man lang niya ininda ang mga ginawa ko. **"Wala kang mahihita sa akin, Miss Moon."**

"Si Lovemir, sino si Lovemir Limaco?"

Sumeryoso siya bigla at dumura sa kung saan 'tsaka nanliliit ang mga matang tumitig sa 'kin. **"Sinong Lovemir?"** inosente niyang tanong 'tsaka ngumisi na para bang gusto akong pagtawanan. **"Mukhang hindi lamang kami ang iyong kalaban, Miss Moon?"**

Sa inis ko ay bigla ko na lang siyang nasapak. *Napakatanga ko para umasang may makukuha akong matinong sagot sa hinayupak na 'to!*

"Maxpein!" tinig ni Chairman Moon. **"What are you doing?"**

Hindi ko siya nilingon, sinamaan ko ng tingin si Taylor. **"Ano ang kailangan ninyo sa 'min?"**

"Huwag kang magmadali, Miss Moon. Paniguradong hahanapin ako ng mga iyon. Sasabihin ko ang lahat kapag pare-pareho na tayong magkakaharap."

"Maxpein!" lumapit si Chairman at hinila ang braso ko. **"Stop it! What are you doing?"**

"Masyadong mainit ang apo ninyo, señor."

"Let's go," anyaya ng Chairman pero hindi ako sumunod. **"Let's go, Maxpein!"**

"Matulog ka na, Maxpein Moon, malay mo sa iyong paggising ay hindi mo na ako makita."

"Sinisiguro ko sa 'yong hindi ka makakatakas dito nang buhay."

"Maniniwala ako kapag ganoon na nga ang nangyari—" Hindi niya nagawang tapusin ang sasabihin nang bigla ko siyang sipain sa panga. Uubo-ubo siyang dumura ng dugo 'tsaka masamang tumingin sa 'kin bagaman nakangisi.

"Maxpein!" bulalas na naman ng Chairman pero hindi ko siya pinansin. Pilit niya akong hinihila papalayo kay Taylor.

"Kung ayaw mong magsalita ay ako mismo ang aalam, peste, wala kang pakinabang," napipikon ko talagang sabi 'tsaka ko siya tinalikuran. Kung hindi lang dahil sa Chairman ay paniguradong hindi ko titigilan ang isang 'to hangga't wala akong nahihitang impormasyon.

"Hilingin mong huwag akong makatakas dito, Maxpein Moon," sa himig ng boses niya ay paniguradong nakangisi siya. **"Dahil kilala na kita masyado. Marami na akong nalalaman tungkol sa iyo."**

Natigilan ako at napalingon sa kaniya. **"Kumbaga sa pangalan ay paniguradong palayaw ko pa lang ang nalalaman mo. 'Wag kang mag-alala, kapag dumating 'yong tamang oras na sinasabi mo, magpapakilala ako,"**dere-deretso kong sabi 'tsaka tinalikuran siya.

Lalo lang akong naasar. Ang lakas ng loob niyang magmagaling na kilala niya ang isang Maxpein Zin del Valle-Moon. Isa siyang hangal para isiping tama siya.

Ang kwartong 'yon ay pinuno niya ng malakas na pagtawa na siyang nakapagpakuyom sa mga kamao ko. At hindi pa man kami nakalalayo ni Chairman Moon ay pumihit na ako pakaliwa at nasuntok ang gawa sa kahoy na pader. Sa sobrang lakas no'n ay bumaon ang kamao ko at nasira ang pader. Gigil na gigil ang mga kamay ko, gano'n na rin ang buo kong katawan. Kung ano-ano ang naiisip ko na siyang mas bumubuhay sa galit sa dibdib ko.

"Nasisiguro kong Rewis ang mga 'yon," sabi ko 'tsaka hinugot ang nakabaon ko pa ring kamao. Hinipan ko ang mga alikabok na napunta ro'n. Agad na humapdi ang mga gasgas. **"May ilang bagay ako na napapansin na hindi nila magagawang itago sa 'kin."**

"Tulad ng ano?"

"Pare-pareho silang...mahina at tanga," sabi ko 'tsaka nagpaumuna sa Chairman.

Alam kong kontradiksyon iyon sa kung ano ang sinabi ko kanina sa ospital. Nang dahil sa galit ko ay naiinsulto ko ang mga Rewis sa aking isip. Lumalabas iyon sa bibig.

Nang gabing iyon ay hindi nahinto ang utak ko sa pag-iisip at pagpaplano. Kung pwede ko nga lang gambalain si Heurt sa oras na iyon ay ginawa ko na para makapagtanong. Napakarami nila at masyado akong nalilito. Wala pa rin akong maisip na posibleng pinagmulan ng lahat ng ito. At nakakaasar ang pakiramdam na 'yon.

Pumasok akong tulala sa klase kinabukasan. Nakababa ang tingin at nakatuon sa magkahawak kong mga kamay. Ang tanging paggalaw na ginagawa ko ay ang pagtingin sa relos. Inoorasan ko ang pag-alis ni Sensui sa bansang ito.

Tuloy ay hindi ko namalayan ang paglapit ni Chupan. Narinig ko na lang ang pagtawa niya kaya nag-angat ako ng tingin.

"Baka lumampas ka sa langit sa sobrang pag-iisip niyan, del Valle?"bulalas niya. Nag-iwas ako ng tingin. **"Sana ay hindi ka na lang uli pumasok kung lulutang-lutang ka lang din dito sa klase ko!"**

"Tss."

"Tingnan mo nga iyang mukha mo?" dinuro niya ako. **"Ano ba iyang pinagpupuyatan mo't mukhang nanggaling ka pa sa lamay bago pumasok dito?"**

"Pwede bang gawin mo na lang kung ano ang trabaho mo?" hindi ko napigilan ang inis.

Ngumisi siya. **"Iyan! Sulitin mo na ang paghahambog mo't iyan ang hahanap-hanapin ko kapag nawala ka rito! Number one!"**

Hindi ko man lang namalayang may quiz pala. Ni wala nga akong narinig o naintindihan anuman sa mga itinuro niya kanina.

"World War II," pabulong na sabi ni Lovemir. Nilingon ko siya. **"Sana may maalala ka."**

Nag-iwas na siya ng tingin at itinuon 'yon sa papel. Hindi ko naman nagawang alisin agad ang tingin sa kaniya.

Sagot ang kailangan ko, Lovemir. Sagot sa mga nangyayaring 'to. Kung kinakailangang bumuo ako ng World War III sa pagitan natin ay gagawin ko. Bigyan mo lang ako ng sagot kung bakit. Ano ang kailangan ninyo sa 'min? Ano ang ginawa namin sa inyo para mangyari ang mga 'to? Gano'n ba talaga 'yon kabigat para ganito karami ang madamay? Gano'n ba talaga 'yon kalala para umabot sa ganito at magkandasira-sira ang mga buhay namin? Bakit? Anong mga dahilan!

"Aba'y tingnan mo nga naman, ano? Lumilingon-lingon ka pa riyan sa katabi mo! Mukhang may balak ka nang mangopya ngayon?"

mukhang ako na naman ang tinutukoy ni Chupan. Nahuli niya marahil akong nakatingin kay Lovemir. **"Wala kang makokopya riyan kay Limaco dahil ang pangit magsulat niyan! Aba'y muntik ko na ngang i-zero iyong essay niya at maski pangalan niya ay hindi ko mabasa! Lumaki yata itong si Limaco no'ng panahon ng mga timawa!"**

Nag-angat ako ng tingin sa kanya. Wala akong planong makipagbalyahan ng salita sa ngayon. Masyadong okupado ang isip ko sa pagpaplano. Kung pwede nga lang na hindi pumasok ay ginawa ko na, pero hindi pwede. Hindi ko pwedeng hayaang masira ng pamilyang 'yon maging ang plano ko sa sariling buhay.

Hindi ko napigilan ang paglalayag ng isip. Laking pasalamat ko dahil multiple choice ang type ng quiz ni Chupan. Basta na lang akong nagsulat ng sagot. Kasabay no'n ay ang pagbubuo kong muli ng plano sa isip. Planong hindi ko alam kung saan aabot. Kung hanggang saan ang mararating bago matapos.

Chairman Rewis. Eerah Anitha Rewis. Cargosin Rewis. Lovemir Limaco. Christian and Taylor...walang apelyido. Tss.

Paulit-ulit lang ang mga pangalang 'yon sa isip ko habang nag-e-exam hanggang sa matapos 'yon.

"Aba'y, bagsak si del Valle!"tumatawang anunsyo ni Chupan, nangunot naman agad ang noo ko. **"Tingnan mo nga naman, ano? Iyang yabang mong iyan, meron ka palang hindi alam?"**

"Bibihira nga lang," sabi ko at saka kinuha ang gamit ko at lumabas ng classroom.

"Maxpein," narinig ko ang pagtawag ni Lovemir. **"Hey, Maxpein! Wait! Where have you been?"** kunot na kunot ang noo niya nang makalapit.

Sasagot na sana ako nang matanaw ang paglapit nina Naih. Hindi na ako nagsalita. Matapos bumuntong-hininga ay nanguna na akong bumaba.

"Maxpein, are you alright?" habol ni Lovemir, nangingibabaw ang kakaibang punto sa pananalita at mukhang nag-aalala.

"Ayos lang ako."

"Bakit ang tagal mong nawala?"

"May inasikaso lang ako."

"Gano'n kahalaga 'yon para lumiban ka sa klase?" 'ayun na naman 'yong pagiging pormal niya.

Hinarap ko siya, na ikinabigla niya sandali. Hindi ko napigilan ang sariling titigan siya. Mataman, maigi at malalim. Pilit kong hinuhukay kung ano man ang meron sa mga mata niya. Kung pwede lang ay gusto kong basahin kung ano ang tumatakbo sa isip niya.

"Maxpein?" nalilito ang tinig niya. **"Why are you looking at me like that?"**

Napapailing akong nagbaba ng tingin, hindi na nagawang sagutin ang tanong niya.

Dumeretso ako sa canteen, sumunod naman sila. Hindi na nawala pa ang paningin sa 'kin ni Lovemir matapos no'n. Mula nang kumain hanggang sa matapos ay nakatuon ang paningin niya sa 'kin.

Nararamdaman ko 'yon pero hindi ko siya masyadong tinitingnan. Ayaw kong makaapekto sa plano ko ang mga iniisip ko. Ayaw kong magkaro'n siya ng motibo para maintindihan kung paano ko gagawin 'yon. Ayaw kong mahulaan niya ang mga magiging kilos ko.

Kailangan kita, Lovemir. Kung ano man ang plano mo, ihahanda ko na ang isasagot ko. Isang buwan lang ang meron ako. Bago makabalik si Sensui kailangang buo na ang plano ko. Kailangan ko ang tulong mo. Alam ko, nararamdaman kong hindi ka kasinsama ng asawa mo.

Para akong mapapraning kaiisip kung paano mapapaamo si Lovemir. Nag-aalala akong baka palabas lang ang mga ipinapakita niya at makaapekto 'yon sa mga binabalak ko. Hindi ko malaman kung paanong makakapagdesisyon gayong 'yon ang nangingibabaw na alalahanin sa 'kin.

Pero aaminin kong nangingibabaw sa 'kin ang paniniwalang totoo siya. Pinapatay lang ang paniniwalang 'yon nang sobrang pag-aalala ko. Natatakot akong magkamali at magsisi sa huli.

Mahina ang mga katawan nila para sa 'kin pero hindi ang mga utak nila. Maaaring dahil matagal nilang pinagplanuhan 'to. Pero hindi ko pa rin pwedeng maliitin ang kakayahan nilang magplano.

"'Uy, 'te!" tawag sa 'kin ni BJ na hinaplos pa ang kamay. **"Ano na naman 'yong nangyari sa Deib Lohr?"**

"Oo nga, Max," si Migz. **"Narinig lang namin na naospital na naman siya."**

"Oo nga, 'te! Ang dinig ko pa ay ooperahan daw siya sa puso? My god! Nag-alala kami nang malaman namin 'yon, ah!" dagdag pa ni BJ.

"Sshh," pagpapatahimik ni Naih sa kanila. **"'Tsaka na natin pag-usapan 'yan."**

"Okay," iiling-iling na sabi ng dalawang bakla. Si Michiko man ay nag-aalala ring napatingin sa 'kin.

Pero ang nakaagaw ng atensyon ko ay si Lovemir. Na gano'n na lang ang mababasang pagtataka sa mukha habang titig na titig sa 'kin. Pakiramdam ko ay napakarami niyang gustong tanungin. Pero hindi niya magawang isa-isahin dahil sa mga kaharap namin.

Kaya naman hindi na ako nagtaka nang hilahin niya ako bago pumasok sa classroom. Sandali niya akong tinitigan, ang mga mata niya ay nagtatanong na wala pa man.

"What happened to him?" nag-aalala niyang tanong. Nanatili akong nakatitig sa kaniya. **"What happened to your boyfriend, Maxpein?"**

Bumuntong-hininga ako, ipinakita ko ang malamlam kong mga mata. **"Naaksidente siya...nang gabing iwan natin siya kina Almeyra."**

"What?" natural ang gulat niya. **"Ano ang nangyari?"** sa hitsura at reaksyon niya ay mukhang wala talaga siyang nalalaman.

Matagal natuon sa isa't isa ang aming paningin. Ako ay nag-isip, siya ay nag-aalala.

"Ang totoo ay hindi ko rin alam,"umiling ako, hindi man lang nagbabago ang blangkong mukha. **"Nalaman ko na lang ay naospital siya. Kahapon ko nga lang nalaman."**

"How is he?"

"He's not okay. Kailangan niyang operahan gaya ng sinabi ni BJ."

"What?" hindi na naman siya makapaniwala.

"Hanggang ngayon ay napapaisip ako pero...hindi ko alam kung mag-aalala pa ba 'ko."

Nagtaka siya at sandaling napatitig sa 'kin. **"What do you mean?"**

"Alam mo naman 'yong nangyari sa 'min."

Muli siyang natigilan 'tsaka napailing. **"Pero iba ito, Maxpein. Kung naaksidente siya at ooperahan ay kailangan mong iisantabi ang hindi magandang pangyayari na nakita natin. Kailangan mong isipin ang lagay niya."**

"Nagsasawa na 'kong gawin 'yon, Lovemir," hindi ko naitago ang pamamasa ng mga mata dahilan para mag-iwas ako ng tingin. **"Kung alam mo lang kung ilang beses ko nang iniisantabi ang sarili kong nararamdaman para isipin ang lagay niya."**

"Maxpein..."

"Naiintindihan kong parte ng pagmamahal ang pagpaparaya."'Tsaka ko lang uli siya nilingon. **"Pero ilang beses ba dapat 'yon?"** Hindi ko naitago ang namumuo kong emosyon. **"Kung naging parte ng pagmamahal ang pagpaparaya, gano'n din ang pananawa. Matagal man mapagod ang katawan at puso ko, may limitasyon din naman 'to,"** nagbaba ako ng tingin.

Dahil dumating ang lec ay hindi na namin nagawang pahabain ni Lovemir ang pag-uusap. Pumasok kami at nakinig sa klase.

Napatingin ako sa relos at naisip na posibleng nasa eroplano na ngayon sina Sensui papuntang ibang bansa.

May tiwala ako sa 'yo, Sensui. Alam kong gagaling ka.

EERAH ANITHA'S POV

"I think someone's calling," ani Almeyra matapos ang dalawang laps ko sa pool.

Dahan-dahan akong umahon at kinuha ang towel. Ipinunas ko iyon sa kamay 'tsaka sa buhok. Bago lumapit sa mesa kung saan nakapatong ang gamit namin ni Almeyra.

"Who is it?" tanong pa niya.

Why is he calling me? Hindi ko na nagawang sagutin si Almeyra. Napairap ako at nag-return call kay Lovemir.

"What?" agad kong singhal nang sagutin niya 'yon.

"Nasaang impyerno ka na naman ba?" pasinghal niyang tanong.

"Wait, is this Lovemir?"

"Yes, this is me, Eerah!"

"Why are you talking like that? You're not being a creep but you sound like shit!"

"Where the hell are you?"

"'Yan ba ang nakukuha mo sa pagsama diyan sa barato mong kaibigan?"

"I am asking you where you are."

"In South."

"Where in South?"

"South part of the hell."

"I am not kidding, Eerah Anitha! Where the fuck are you?"

"What the hell do you want, Lovemir?"

"We need to talk!"

"About what?"

"About what you and Almeyra did to Deib Lohr!"

Natigilan ako, agad ding tumaas ang kilay ko sa inis. **"What about him?"**

"What did you do to him, Eerah? Ano ba ang nangyayari sa 'yo?"

"Oh, come on!" inis kong sabi. **"Gano'n ka na ba kalinis para hindi malaman kung ano ang dahilan ng mga ginagawa ko? Nakakarindi ang pagtatanong mo, Lovemir! Bakit ba bigla kang nagkaganyan? Para bang napakalinis mo!"**

"I am not like you!"

"Yes, we're different because you're an asshole! Ano bang ipinaglalaban mo, huh? Ano ang ipinagmamalaki mo?" naiinis kong hamon.

"We need to talk, Eerah. Meet me—"

"I'm busy! I'll call you when I'm free!" inis kong sabi 'tsaka ibinaba ang linya.

Natitigilan akong tumitig sa kung saan. Naghahabol ng hininga dahil sa sobrang inis sa kaniya. Hindi ko naisip na matapos nang nangyari ay tatawag sa 'kin si Lovemir para kuwestyunin ang ginawa ko. Hindi siya gano'n at mas kataka-takang galit siya kung magtanong ngayon.

Ano ba ang nangyayari sa kaniya? At ano ang ikinagagalit niya? Is he friends with Lohr already? What a retard!

Inis akong ibinato sa mesa ang cellphone at saka naupo. Eksakto namang lumapit si Almeyra bitbit ang wine glass. Napapabuntong-hininga kong kinuha 'yon at nilaghok hanggang maubos ang laman.

"Hey, relax, girl. What's wrong?"tanong niya.

"It was Lovemir," sabi ko na sinulyapan pa ang cellphone. **"Tinatanong niya ako ngayon kung ano ang ginawa ko kay Lohr."**

Naglapat ang mga labi niya. **"He's such an ass! Bakit pa siya magtatanong? Ikaw 'yong pinagsamantalahan ng Deib Lohr na 'yon kaya nararapat lang sa kaniya 'yong nangyari!"**

Yeah, right! Hindi alam ni Almeyra ang mga plano ko. I told her that Lohr took advantage of me despite of him knowing my status. She got mad and told our friends about what happened. At ang sumunod na nangyari ay galit na silang lahat. Natural, matinding kasinungalingan ang sinabi ko.

"I think I have to go," biglang paalam ko.

"Why so early?"

"I really have to go, Almeyra. I wanted to stay but I'm sure na hindi ako titigilan ni Lovemir. Nakikipagkita siya sa 'kin."

Bumuntong-hininga siya. **"Okay, sige. Ayusin ninyo iyan."**

"Thanks for your time."

"No, I should be the one to say that."

"I love you, Almeyra," lumapit ako para yumakap at humalik sa pisngi niya.

"I love you, too, Eerah. Please dumating ka sa araw ng pag-alis ko, okay?"

"Yes, ihahatid kita sa airport," sabi ko na ngumiti pa sa kaniya.

Hindi na ako nagtagal pa sa hotel na 'yon. Na pag-aari namin. At kung saan ko niyayang mag-stay si Almeyra bago bumalik ng Amerika. Matapos mag-shower at magbihis ay nagmaneho na agad ako pauwi.

Dahil sa Manila pa iyon ay madilim na nang makarating ako sa bahay. Hindi na ako nagulat nang makita ang kotse ni Lovemir na nakaparada sa harap ng bahay.

"Do you want come in?" tanong ko, nanatiling masama ang tingin niya. Napairap ako at nakahalukipkip na tumitig sa kaniya. **"What do you want?"**

"Why did you do that?"

"If I only knew that you're going to ask me the same question I should've stayed there, Lovemir!" naiinis kong sabi 'tsaka muling umirap.

"This is too much, Eerah!"

"What? Do you really understand what that means? Lovemir, namatay si mommy! Naospital lang si Lohr! What's too much about that?"

"He's in a critical condition, Eerah! Ooperahan siya! May sakit siya sa puso!"

Natigilan ako. **"What?"** hindi makapaniwalang tanong ko 'tsaka inalala ang mga nangyari nang gabing 'yon.

Nangibabaw sa 'kin ang mga huling sinabi ni Lohr sa Chairman.

"Wala kaming ginawa na makasasama sa puso niya, Lovemir. Kahit iyan lang ang paniwalaan mo! Binugbog lang siya ng friends natin!"

"Bakit ninyo nga ginawa 'yon?"nagagalit niyang tanong. **"Ikaw ang may kalokohang ginawa tapos siya pa 'yong nabugbog?"**

"You don't know what you're saying, Lovemir! I can't believe that you're acting like this!" isinenyas ko pa ang kabuuan niya. **"What is**

wrong with you? Kumakampi ka sa mga iyon, imbes na sa akin? Akala ko ba ay gagawin mo ang lahat para sa akin? Bakit bumabaliktad ka ngayon?"

"Because what you're doing is wrong, Eerah."

"Wrong?" naiinis kong sabi, nagngangalit ang mga ngipin at bagang. 'Tsaka ako tumingala at nakakalokang tumawa. **"At iyong nangyari sa mommy ay tama?"** sumama ang tingin namin sa isa't isa. **"You know what? You need to get out of here dahil kapag nakita ka nina daddy ay paniguradong mapapatay ka nila. Lalo na at ganyan ang kaestupiduhang pinagsasasabi mo ngayon!"**

"Kung ginagawa mo ang lahat ng iyan dahil iyon ang sinabi ng Chairman ay hihintayin kong magsisi ka, Eerah."

"*Kieta el,* Lovemir! *Kieta el, estupido*!" sabi ko na pinatatahimik siya. **"That will never happen! Sila ang magsisisi dahil sa ginawa nila sa mommy! Now, get lost!"** napipika kong sabi 'tsaka itinuro ang daan palabas ng village na 'yon. **"We don't need you, bastardo!"**

Iling na lang ang naisagot niya habang masama pa rin ang tingin. Hindi na siya nagsalita matapos at dumeretso na papasakay sa kotse. Hindi ko na pinanood ang pag-alis niya, nagmamadali akong pumasok sa bahay.

Humahangos akong huminto at napasandal matapos isara ang pinto. Naghahabol ako ng hininga dahil sa sobrang galit na naramdaman sa kaniya. Nang marinig ko ang kotse niya papalayo ay 'tsaka ako napapikit sa sobrang sama ng loob.

Hindi ko naisip na mangyayari ito sa amin ni Lovemir, lalo na ngayon. *Why are you acting like that?* Hindi ko maiwasang magtaka. Malayo iyon sa Lovemir na nakilala. Kasama namin siya sa mga plano pero nagtataka ako sa mga ikinikilos niya ngayon.

No, hindi ako mag-iisip! Hindi ako mag-iisip ng dahilan kung bakit siya nagkakaganoon!

Inis akong dumeretso sa kusina, padarag na binuksan ang ref at kumuha ng yelo. 'Tsaka ako dumeretso sa bar island para magsalin ng alak sa baso. Matapos kong paglaruin ang yelo ro'n ay 'tsaka ko tinungga ang laman.

Natuon ang paningin ko sa kung saan habang kung ano-anong bagay ang pumapasok sa isip. Lahat ng iyon ay bumababa at bumubuo ng galit sa aking dibdib. Kaya naman hindi ako nakontento, muli akong nagsalin at agad ding tinungga iyon. Isang beses pa uling nagsalin at saka pinaglaro ang yelo ro'n.

Sana ay nagkakamali ako sa naiisip kong dahilan nang ipinagkakaganiyan mo, Lovemir.

Nakapikit kong tinungga ang baso hanggang sa malaghok ang huling patak ng alak. Pabagsak kong inilapag ang baso at pinunasan ang bibig ko. 'Tsaka ako nagmulat upang bigla na lamang manlaki ang mga mata ko!

"*Mierda*! *Qué chingados es eso*?"pagmumura ko na itinatanong kung ano ang nakita.

Agad na nangilabot ang buo kong katawan, napatayo ako at nagpalinga-linga. *Hindi ako pwedeng magkamali! May dumaan sa harapan ko!* Pigil ko ang hininga habang dahan-dahang inililibot ang paningin. Napapalunok ako sa t'wing madadako sa madilim na parte ng sala ang aking mga mata. Dali-dali akong kumilos para ibuhay ang ilaw. Nakasanayan naming madilim ang bahay o di kaya naman ay malamlam ang liwanag. Kontento na kami sa liwanag na nagmumula sa labas ng bahay.

What the hell was that? **"Cargosin?"**pagtawag ko habang sinisilip ang daan papunta sa kusina. **"Christian?"** muling pagtawag ko. **"Where are you?"**tanong ko habang hawak ang dibdib at dahan-dahang naglalakad. *Shit!*

Gusto kong mainis sa gulat nang bigla akong mapadaan sa salamin at makita ang sarili ko. Dinoble no'n ang kaba at pinasasakit ang dibdib ko dahil sa sobrang pagkabog. Nagpatuloy ako sa pagpunta sa kusina pero wala akong nakita.

Shit! I must be hallucinating! Damn that hard drink!

Inis akong naglakad papunta sa bar island at isinara ang bote ng alak. Umakyat ako at dumeretso sa kwarto. Agad kong hinubad ang coat ko at saka palang ako nagbukas ng ilaw. Gaya sa 'baba ay hindi pa rin gano'n kaliwanag 'yon. Madilaw ang ilaw, mapula naman ang mga dingding kaya nagtatalo ang liwanag at dilim.

"But...where is everyone?"nagtataka kong bulong na ipinagkibit-balikat na lang din.

Lumapit ako sa drawer at hinubad isa-isa ang suot kong alahas. Matapos no'n ay naglakad ako papalapit sa hanger at gano'n na lang ang pagtataka ko nang hindi makita ang coat. Na kanina lang ay isinampay ko. Kukunin ko sana doon ang cellphone para tawagan si Cargosin. Napalingon ako sa kama, wala ro'n ang coat kaya muli akong napalingon sa drawer pero wala rin doon.

"Dito ko lang inilagay iyon..."bulong ko sa sarili habang hawak ang hanger. Muli akong napalingon sa paligid at bahagyang kinabahan.

You're being paranoid, Eerah. How can someone enter your house?

Inis akong lumabas ng kwarto at bumaba. Wala sa sariling pinagbubukas ang mga ilaw at saka muling dumeretso sa kusina.

"Frances?" tawag ko sa tauhan naming madalas na nakatambay sa kusina. **"Where the hell are they? Elrico? Damian!"** patuloy ang pagtawag ko ngunit walang sumasagot sa akin. **"Alessandro? Pepito! Where are they?"** nagsisimula na akong mag-alala. **"Julian? Julian, are you there?"**pagtawag ko habang naglalakad papunta sa study pero nabigo ko. Walang sumasagot.

Shit! Padabog akong naglakad papabalik sa sala at paakyat na sana ako nang bigla na naman akong matigilan. Ang coat ko ay nakita kong nakalapag sa silya. Lilinga-linga akong lumapit do'n at lilinga-linga pa ring pinulot 'yon.

Napapitlag ako nang biglang mamatay ang ilaw. Naging senyales ko iyon upang magtatakbo ako papunta sa 'taas, deretso sa kwarto ko. Pabato kong inilapag ang coat at saka dumeretso sa cabinet. Mula ro'n ay hinila ko ang aking dalawang tanto.

Pero gano'n na lang uli ang aking pagkagulat nang sarhan ko ang cabinet at tumambad sa 'kin ang rebulto ng isang tao. Nakasuot lahat ng itim at may tabing sa ulo!

"What the hell are you?" natutuliro kong tanong na biglang napaatras, hindi iyon kumilos. **"Who are you?"** Hindi iyon nagsalita at sa halip ay bigla na lang sumugod sa 'kin!

Hindi man lang nito nagawang matakot sa dalawang uri ng espadang gamit ko. Dahil tuloy-tuloy ang naging pag-atake nito! Pinadulas ko ang tanto sa mga kamay upang mapunta sa likuran ko ang mga talim no'n. Saka ako sumugod sa taong iyon. Umaatake ang magkabilang kamay ko ngunit nasasabayan niya ng pag-ilag ang mga iyon.

At sa gulat ko ay bigla iyong bumaba upang matagumpay na patirin ako. At sa isang mabilis ay nagawa nitong pumatong sa 'kin at pinagkrus ang kamay ko! Saka nito mabilis na itinarak ang mga tanto sa sahig na nasa magkabilang gilid ng mukha ko!

Pareho kaming naghahabol ng hininga nang magtitigan kami sa mga mata. **"Let go of me!"** sigaw ko ngunit mas idiniin niya ang mga braso ko.**"Who the hell are you!"**

"You'll die if I tell you," bruskong bulong niya, mariing-mariin ang bawat kataga, saka niya itinayo ang sarili.

Nakita ko pa nang paliparin niya ang siko papunta sa mukha ko dahilan para mawalan ako ng malay.

OceanofPDF.com

CHAPTER 205

CARGOSIN'S POV

"Siguraduhin mong sa susunod ay hindi ka na gagawa pang muli ng ganitong kaestupiduhan, Cargosin!"mariin ang pananalita ni Chairman. At kung wala lang sa harapan namin ang doktor at si Christian ay paniguradong nasampiga na ako nito.

"Yes, Chairman," napapahiya kong sagot. **"*Lo siento, te pido disculpas*, Chairman,"** pagpapaumanhin ko.

Ilang araw ko ring itinago sa Chairman ang malaking sugat ko sa dibdib. Kung aksidente lang sana iyon ay hindi siya magagalit. Ngunit dahil ako mismo ang gumawa no'n ay magiging isang kalokohan iyon para sa kaniya. Kaya naman mas pinili ko na lamang na itago.

Pero hindi nagtagal ay nalaman niya rin ito, kaninang umaga. Nang hindi ako makapasok dahil sa mataas na lagnat, may dalawang araw na rin akong absent. May ipagagawa sana sa akin ang Chairman, pero dahil nakita niya ang tungkol dito at dahil na rin sa lagay ko, ay hindi ko iyon nagawa.

Matindi ang galit na naramdaman ni Chairman. Kung nagawa ko lang sanang makapagpagamot agad ay wala sanang problema. Kaso ay hindi, ilang araw ko pa iyong ininda. Hindi ko naman maaaring idahilan ang pesteng Maxpein na iyon. Paniguradong pagbubuntunan niya ng galit ang babae. Paniguradong panibagong plano ang ipagagawa niya para lang paghigantihan ang babae.

Hindi pwedeng mangyari iyon bagaman pabor sa amin iyon ni Christian. Una ay hindi alam ng Chairman ang mga pagsugod na ginagawa namin kay Maxpein. Ikalawa ay kami rin mismo ang sumisira sa planong binuo niya. Magagalit siya lalo kapag nalaman niyang kami ang nauna kaya umabot ang lahat sa ganito.

Nang makalabas ang Chairman para kausapin ang doktor ay 'tsaka ako bumaling kay Christian. **"Pesteng doktor kasi iyon,"** tukoy ko sa private doctor na madalas kong papuntahin sa bahay. **"Ngayon pa siya nagsagawa ng medical mission, tuloy ay na-*pendejo*ang mga plano ko. Kung nakarating siya agad ay hindi na sana nalaman pa ng Chairman ang**

lagay ko," halos pabulong ko iyong sinabi dahil sa takot na marinig ng Chairman. **"Nagkandamalas-malas na,"** dagdag ko pa.

"Bakit ba kasi kailangan mo pang gawin iyan sa sarili mo?"

"Para nga sa Randall na iyon! Isa pang hambog!"

"Umalis na siya no'n upang puntahan ka, ano pa ang rason upang gawin mo iyan sa sarili mo?" puno siya ng pagtataka.

"Kung hindi ko gagawin ito, ano sa tingin mo ang maaari kong idahilan kay Randall para puntahan ako nang ganoong oras ng gabi?" sarkastiko kong tanong.

"Nakapagdahilan ka na at pumunta rin naman na siya. Pwede kang bumuo ng panibagong kasinungalingan nang magharap kayo imbes na iyan ang gawin mo sa iyong sarili. Look at you! May napala ka ba?" naging mas sarkastiko siya.

Damn it!

Tuloy ay gusto ko ring magalit sa sarili. Ngayon ko lang naiisip ang mga pinagsasabi at ikinilos ko sa harap ni Randall. Hindi malabong pagtakhan niya ako at ang mas nakakaperwisyo pa ay baka iba ang isipin niya sa naging paghaharap namin. Masyado akong nagpadala sa emosyon ko sa naging sagutan naming tatlo nina Maxwell. Tuloy ay umabot ang lahat sa ganito.

Peste! Mierda!

"Ipinahamak mo lang ang iyong sarili, Cargosin. Ang sabi ng doktor kung hindi ka nadala dito agad ay pwede kang patayin niyang impeksyon mo sa katawan."

"Heto na nga ba ang sinasabi ko sa lintik na pagtaliwas natin sa plano, Christian!"

"Ako na ba ang sinisisi mo ngayon, Cargosin?" kunot-noo niyang tanong, sinamaan ko siya ng tingin. **"Maayos na maayos ang plano. Pupuntahan ko ang bahay ni Randall at itatakas ang kaniyang anak. At upang hindi ka niya paghinalaan ika mo ay tatawagan mo siya upang papuntahin sa bahay. Wala sa plano natin ang paglalagay mo ng malaking sugat diyan sa iyong dibdib. Kaya huwag mo akong masisi, Cargosin."**

"Peste! Nape-*pendejo* ako sa mga babosong iyon!" patungkol ko kina Randall at Maxwell 'tsaka ako galit na tumitig sa kung saan.

"Ano na ang iyong plano? Ano na ang mangyayari ngayon?"

"Mananahimik na muna tayo."

"Ano?" nagugulat niyang tanong.

"Makinig ka sa 'kin kahit ngayon lang, Christian."

"Paano si Taylor—"

"*Kieta el*! *Mierda*!" pinatahimik ko siya, pinipigilan pa rin ang pagtataas ng tinig. **"Diyan na mismo tayo napahamak, Christian. Sa kahahanap sa kaniya. Sinabihan na kita noong una pero dahil hindi ka nakikinig sa akin ay nagpatuloy tayo. Ngayong ganito na ang inabot ko—ngayong ganoon na ang galit ng Chairman,"**itinuro ko pa kung nasa'n ito, kausap pa rin ang doktor. **"Gusto mong magpatuloy pa rin tayo?"**

"Oo, dahil iyon ang usapan."

"Hindi naman natin siya kalilimutan. Ang sa akin lang ay mananahimik muna tayo ng ilang araw." Hindi ko na mapigilan ang namumuo kong galit, napakahina ng kaniyang pang-intindi. **"Sinabi ko na sa iyo na may tamang oras para diyan, Christian. Ano ang mahirap intindihin doon? Sumubok na tayo, hindi ba? Hindi nga natin siya makita. Hindi naman natin siya pababayaan, ilang beses ko nang sinabi sa iyo."**

"Ngunit ang pananatili niya nang matagal sa ibang lugar ang ipinag-aalala ko."

"Hindi nga natin alam kung saan siya hahanapin ngayon. Kung sa Maxpein pa lang na iyon ay hindi na natin magawang lumusot, paano pa kapag lahat na sila ang nakaharap natin? Dadala-dalawa tayo, Christian. Hindi natin maaasahan si Eerah sa ganito! Kapag nagkahulihan ay bale-wala na ang lahat ng plano! Lalong hindi natin maaasahan ang Chairman. Hindi matalinong pagkilos para sa kaniya itong mga ginagawa natin. Ipapahamak lamang nating pareho ang ating mga sarili. Napahamak na ako at gano'n na rin si Taylor, hindi ko hahayaang pati ikaw at ang iba pa ay mapahamak dito. Hindi mahinang klase ang kalaban natin, Christian, tatlong pamilya sila at iisa tayo. At hindi basta-bastang tao ang mga Moon. Nasisiguro kong may inililihim ang mga iyon at iyon ang una kong gustong alamin ngayon."

"Sino ba ang nagsabing idamay natin ang ibang pamilya? Ang mga Enrile lang naman ang nasa plano, kayo itong nagdamay ng iba."

"Dahil humaharang nga sila! Ano ba ang nangyayari diyan sa utak mo? Baka kailangan mo na ring magpaopera, pumupurol ka nang masyado."

"*Mierda*!" singhal niya 'tsaka nasabunutan ang sariling buhok. **"Pinupuno lamang nila ng galit ang dibdib ko, Cargosin! Huwag nila akong sisisihin kapag may nagawa akong hindi maganda. Handa akong ipaglaban ang pamilyang ito, lalo na kayong mga kapatid ko!"**

"Babaan mo iyang boses mo, paparating na ang Chairman,"mahinang asik ko.

"Uuwi na tayo," ani Chairman.

Inalalayan nila ako papalabas ng magarang bahay na iyon ng doktor na nahanap ni Christian. Inabot kami ng halos anim na oras sa pananatili ro'n. Kaya hindi na kataka-takang madilim na nang bumiyahe kami. Hindi pa rin mawala ang sakit sa dibdib ko. Pakiramdam ko ay bumubuka pa rin iyon at may kung anong nakatusok.

Sa daan ay naalala ko ang pangyayaring iyon sa pagitan namin ng babaeng Moon, si Maxpein. Nanlisik ang mga mata ko at mayamaya ay napangisi. Hindi ko talaga maiwasang hangaan ang mga kilos niya ngunit iyon din ang dahilan ng galit ko.

May kakaibang kakayahan siyang hindi ko magawang tumbasan. Iyong planong ilang buwan naming binuo at pinaghandaan ay para bang ilang minuto niya lang pinag-aaralan. Sa paraan niya ng pananalita ay nagagawa niyang pagmukhaing tanga ang kausap. At talagang nagagalit ako dahil sa mga katangian niyang iyon. Pero ang mas ikinagagalit ko pa ay hindi ko maiwasang humanga sa kaniya.

Napakatalino niyang talaga. Nasisiguro kong nahalata niyang may tama ako sa dibdib kaya doon niya ako pinuntirya. Napatango ako at muling palihim na ngumisi. *Pero kapansin-pansin ang bagal niya nang gabing 'yon. Malayo sa mabilis at matapang na nakasagupa ko noon. Ano ang nangyari, Maxpein? May iniisip ka ba?* Gusto kong matawa bigla.

Hindi na iyon ang unang beses na nakaharap ko siya. Hindi rin maaaring iyon na ang huli. Matagal ko nang napansin ang bilis niya, na hindi ko magawang habulin. Pero hindi lihim sa 'kin ang mabagal niyang pagkilos nang gabing iyon. Dahil nagagawa siyang abutan ni Christian, bagay na hindi ko inaasahan.

Bukod do'n ay nagagawa naming pareho na mailagan ang mga pag-atake niya. Sadyang kapani-panibago. Hindi man namin regular na makasagupa ang babae, hindi ko maaaring makalimutan ang taglay niyang bilis nang gano'n lang.

Kahit ang mga suntok niya ay hindi kasinlakas ng dati. Napangisi na naman ako. *Kung ipagpapatuloy mo iyan ay magkakasundo tayo, Maxpein.*

Magpapatuloy pa sana ako sa pag-iisip nang biglang mag-ring ang telepono ko. Gano'n na lang ang gulat ko nang makita kung sino ang tumatawag. Nilingon ko si Chairman, pareho kaming nakaupo sa likuran. At kagaya ko ay mukhang malalim ang kaniyang iniisip habang nakatingin sa labas.

"Chairman," untag ko. Naging matagal bago niya ako nagawang lingunin. Isinenyas ko ang telepono na ikinakunot ng kaniyang noo. **"Si Mr. Wood."**

Bahagyang nanlaki ang mga mata ng Chairman at natigilan. Malalim na hininga ang kaniyang binitiwan 'tsaka kinuha ang telepono. Nagtama ang paningin namin ni Christian sa rear mirror bago ako nagbalik ng tingin sa Chairman.

"Mr. Wood," bungad ng aking ama. **"Ako nga ito,"** dagdag pa niya 'tsaka natahimik, marahil ay nagsasalita na ang nasa kabilang linya.

Hindi ko nagawang alisin ang paningin sa aking ama. Lalo na nang magkasunod-sunod ang pagbuntong-hininga niya. Na mayamaya ay sinundan ng pagmasahe niya sa noo at sentido. Nasisiguro kong nabibigla at natutuliro na naman siya sa mga sinasabi ni Mr. Wood.

"Ngunit iyon na lamang ang mayroon kami, Mr. Wood,"natutulirong sabi ng Chairman. **"Hindi ko maaaring ibigay iyon sa inyo, paano na kami?"** Nakangiti siya pero ang bagabag ay nasa tinig.

Hindi ko naiwasang mapatingin sa Chairman, gano'n din si Christian na agad ding nagtuon ng tingin sa daan. Bahagya akong lumapit na animong maririnig ko ang nasa kabilang linya. Gusto ko nang malaman kung anuman ang pinag-uusapan nila. Pero nabigo ako dahil masyadong mahina ang tinig ni Mr. Wood.

Mayamaya pa ay mas malalim na buntong-hininga ang pinakawakan ng Chairman at saka tumango-tango. Muling namasahe ang sentido at saka nagpaalam sa kausap.

"Bastardo!" naibato ng Chairman ang telepono dahil sa galit.

Hindi ko na nagawang intindihin pa iyon. **"Ano ang sabi ni Mr. Wood, dad?"**

"Binabangkarote tayo ng bastardong iyon," nanggigigil niyang sabi. **"Kung hindi raw natin maibabalik ang mga nawala nilang gamit sa**

loob ng sampung buwan ay mapipilitan silang ubusin tayo. Naniningil na siya sa bagay na hindi naman natin inutang sa kaniya! Animal!"

"Ano?" nagugulat kong tanong. **"Akala ko ba ay isang taon ang palugit na ibinigay nila sa atin? Ano ang nangyari at biglang nabawasan ng dalawang buwan? Hindi na natin maibabalik ang mga iyon dahil sa hinayupak na Chairman Enrile na iyon, Chairman!"** hindi ko napigilan ang pagbugso ng galit.

"Nanggigipit ang Mr. Wood na iyan," tumalim ang mga tingin niya. **"Ginigipit niya tayo upang mang-asar. Akala niya ay biro lamang sa atin ang mga bagay na ito."**

Lalo pang sumasama ang mga tingin niya, hindi ko tuloy maiwasang matakot. Kapag ganoon ang Chairman ay kung ano-ano ang planong namumuo sa kaniyang isip.

"Maghinay-hinay kayo, dad, wala tayong laban kay Mr. Wood." Sinikap kong maging mahinay sa pananalita. Ayaw kong sa 'kin mabunton ang galit niya.

"Mga animal!" asik niya 'tsaka siya muling tumingin sa labas. Nagtatangis na ang mga bagang niya nang muling tumingin sa 'kin. **"At kung naisin man nating palitan ang mga iyon ay doble ang sinisingil niyang halaga! Ganid ang Mr. Wood na iyon! Isa siyang ganid! *Mierda*!"** nasapo ng aking ama ang sariling noo at nagulumihanan. Makikita sa kaniyang hindi malaman kung ano ang gagawin. **"Nais niyang kunin ang mga hotel natin, Cargosin,"** humahangos niyang sabi, pilit na pinipigilan ang sariling galit.

"Ano?" hindi ako makapaniwala.

"Lahat ng pag-aari nating hotel, Cargosin, nais niyang hingin bilang kapalit," nag-iwas siya ng tingin.

Batid kong natutuliro nga siya, hindi makapagdesisyon kung ano ang nararapat na gawin.

"Ang sinabi ko ay iyon na lamang ang mayroon tayo. Ganid ang animal!"

Hindi ko nagawang makapagsalita agad. Wala kaming problemang pinansyal. Kung tutuusin ay higit pa sa sobra ang natatanggap naming kita kada buwan. Hindi man kami magtrabaho ay kayang-kaya kaming buhayin ng Chairman. At iyon ay dahil sa matagumpay niyang negosyo.

Ngunit naging magastos ang planong ito para lang makapaghiganti. Kinailangan naming bilhin ang bahay na tinutuluyan namin para lang may

matirahan malapit sa mga Enrile. Na nagkataon namang malapit din sa mga Moon at iba pang pamilya. Masyado kaming marami para manatili sa hotel at hindi 'yon akma sa plano.

Bukod sa mga hotel na nandito sa Pilipinas ay meron pa kaming mga pag-aaring five star hotels sa iba't ibang bansa. Iyon ang hanap-buhay namin bago pa man kami datnan ng problema. Isang malaking problema si Mr. Wood para sa amin lalo na't mukhang plano niyang simutin ang mga pag-aari at pinagkakakitaan namin.

Pero hindi kami maaaring basta na lamang lumaban sa kaniya. Kung pwede lamang ay baka noon pa namin ginawa. Masyadong malakas si Mr. Wood, makapangyarihan. At ngayon pa lang ay alam kong wala na kaming kalaban-laban sa kaniya. Kailangan naming maging maingat sa pakikitungo sa kaniya dahil isang maling salita lang namin ay kaya niya kaming pulbusin.

"Hinihingi niya ang hotels pero naniningil pa rin sa kaparehong halaga. Wala siyang kasing-ganid!"nanggagalaiti pa ring ani Chairman.

"Magkano ang halaga ng mga iyon, dad?" mayamaya pa ay tanong ko.

"Bilyon, Cargosin." Nasa labas na ang tingin niya, animong napakalayo no'n. **"Bilyon-bilyon."**

Nanlumo ako. Parang gusto kong ibaon ang sarili sa kinauupuan. **"Saan tayo kukuha ng ganoon kalaking halaga?"** nahihintakutan kong tanong.

"Hindi ko alam." Umiling nang umiling ang Chairman. **"Hindi ko alam."**

Hindi na namin nagawa pang magkibuan. Lahat ay malalim na ang iniisip.

Si Mr. Wood ang pinuno ng sindikatong inaniban namin at hindi siya basta-bastang tao. Mga daga lang kami kung ikokompara sa kaniya. Kaya naman ganito ang takot na aming nararamdaman.

Inalalayan ako ni Christian pababa ng sasakyan nang makauwi. Hinintay kami ng Chairman na noon ay nasa gate lang. Ipinagtaka namin kung bakit hindi pa ito pumapasok.

"What's wrong, Chairman?"tanong ni Christian.

Hindi naman nagawang sumagot ng aking ama at sa halip ay sunod-sunod ang pagpindot niya sa buzzer. Mainit pa rin ang kaniyang ulo dulot ng pakikipag-usap kay Mr. Wood kanina.

Pabulong ngunit nanggigigil na napamura si Chairman. **"Nasaan na ba ang animal na guard na iyon?"**nagagalit niyang tanong. **"Hindi ko siya binabayaran upang magpahinga nang ganitong kaaga!"**

Agad naman akong nagtaka at sinilip ang gate kung bakit wala nga ang guard doon. Maging ang mga katulong sa loob ay hindi nagbubukas ng pinto ng bahay. Maging ang mga tauhan namin ay hindi man lang tumugon sa sunod-sunod na buzzer. Ang totoo nga ay ngayon lang nagamit nang paulit-ulit ang buzzer sa loob ng iilang minuto dahil walang nagbubukas sa amin.

Nagkatinginan kami ni Christian. Mukhang pareho ang nilalaman ng aming isip. Sabay naming iginala sa paligid ang paningin. Maliwanag naman at halos lahat ng ilaw sa loob ng bahay ay nakabukas. Wala ring makikitang kakaiba sa labas.

Tumango si Christian at inalalayan akong makapanatiling nakatayo. Sumandal ako sa poste ng gate. Inihanda ko ang kamay sa pagbunot sa baril na nasa aking likuran. Pinanood namin si Christian na umakyat sa gate at marahan kaming pagbuksan.

Agad niyang inilabas ang kanyang baril, bahagyang nakayuko at dahan-dahang naglakad papunta sa pinto ng bahay. Nabuhay na naman ang galit ko. Sa ganitong sitwasyon ko kung saan ang aking dibdib ay bagong tahi at ang kaliwa kong kamay ay nakabenda, nasisiguro kong hindi ko magagawang makatulong. May magawa man ako ay nasisiguro kong limitado. Baka nga ikapahamak ko pa iyon lalo.

Nabuksan ni Christian ang pinto ng bahay. Parati man iyong bukas ay hindi namin maiwasang magtaka dahil wala kaming makitang tao. Nanatiling nakabantay si Christian sa 'min, ako man ay nakabantay sa Chairman na nasa aking likuran.

Tahimik ang buong bahay, walang magulong gamit. Ang tanging mapapansin ay ang isang baso at bote ng alak na nakapatong sa bar island.

"Paniguradong si Eerah ang uminom doon," mahina kong sabi.

Nasisiguro ko iyon dahil siya lang naman ang umiinom ng pambabaeng alak doon.

"Nandito na siya kung gano'n,"dagdag ko pa.

"Sin," tinanguan ako ni Christian.

Nanatili kaming nakatayo ni Chairman sa sala at pinapanood ang mga galaw niya. Dumako siya sa kusina at sumenyas ng wala. Saka nagpatuloy

sa dining area hanggang sa mapunta sa study. Normal na ang paglalakad niya nang bumalik sa 'min 'tsaka tumingala sa 'taas.

Nagkatanguhan kami 'tsaka kami sabay-sabay na umakyat. Ang Chairman ay patuloy sa pakikiramdam. Bagaman may sarili siyang lakas, hindi pa naman siya ganoon katanda para hindi makalaban, ay inaalalayan pa rin namin ito ni Christian. Kung ako nga ang tatanungin ay hindi hamak na mas bihasa pa sa 'min ang Chairman sa pakikipaglaban.

Nanatili kami sa bukana ng hagdan gaya nang isinenyas ni Christian. Hinintay namin siyang makabalik at gano'n na lang kalalim ang pagbuntong-hininga niya nang harapin kaming muli.

"Walang tao," naiinis niyang sabi.

"Nasaan si Eerah?"

"Hindi ko nakita."

"Nasisiguro kong nandito na siya,"sabi ko at saka kumilos. **"Hindi ko lang napansin kung nandiyan na ang sasakyan niya pero nasisiguro kong siya ang uminom sa 'baba."**

"Nasaan ang mga tao?"

"Hindi ko alam, Chairman."

"Halughugin mo ang bahay, Christian," utos ng Chairman. **"Nasaan ang mga tauhan natin?"**nagagalit niya na namang sabi na iginala pa sa 'baba ang paningin habang nasa baywang ang parehong kamay.

Hindi ko na sila inintindi, pinasok ko ang mga kwarto upang hanapin si Eerah. At gano'n na lang ang gulat ko nang makita ito sa dulong kwarto. Hindi agad makikita dahil nasa harap siya ng cabinet na siyang taliwas sa pinto papasok ng kwarto. Nakahandusay sa sahig at may dalawang tanto na nakatarak sa magkabilang gawi malapit sa ulo niya. Sa sahig mismo nakabaon ang mga iyon ngunit gano'n na lang ang pag-aalalang naramdaman ko.

"Eerah!" pasigaw kong tawag at saka lumapit dito. **"Eerah!"** hinawakan ko ang leeg niya at pinakiramdaman ang pulso don. Positibo ang tibok at humihinga pa siya. **"Eerah! Eerah!"**sunod-sunod kong pagtawag ngunit wala akong natanggap na tugon. Mukhang nawalan siya ng malay. **"Christian!"** malakas kong tawag. **"Christian!"** mas nilakasan ko pa at naramdaman ko na ang mga yabag niya.

"Ano ang nangyari? Bakit ka sumisigaw?" nagmamadali nitong tanong. **"Ano ang nangyari...?"**nagugulat nitong tanong at saka

nagmadaling lumapit sa harapan ko. **"Eerah! Eerah!"** inalog-alog niya ito. **"Ano ang nangyari? Eerah!"**

Pinatabi niya ako at diniinan si Eerah sa bandang puso nang ilang beses. Sunod-sunod naman ang naging pag-ubo ni Eerah mayamaya lang at saka biglang natuliro. Natabig niya ang parehong kamay namin ni Christian at patalong umatras, nakababa ang katawan at umaktong aatake sa 'min.

"Eerah!" sigaw ko, doon lang siya natauhan.

"Bullshit!" pabulong niyang asik.

"What happened?" nag-aalala kong tanong.

"May pumasok dito sa bahay!"galit niyang sabi at saka agad na iginala ang paningin. **"Who the hell was that?"**

"Sino? Nakita mo ba?" agad na tanong ni Christian. **"Nakilala mo ba?"**

Galit na tumitig si Eerah dito. **"Hindi! Hindi ko nakita ang mukha niya dahil gaya niyo ay balot na balot siya! May tabing ang mukha at purong itim ang suot!"**

"Ano?" Nagulat kami ni Christian, sandaling nagkatinginan at saka muling ibinaling ang tingin kay Eerah. **"Ano ang ginawa sa 'yo?"** tanong ko.

"Noong una ang akala ko ay namamalik-mata lamang ako. Pero nang maramdaman kong may kakaiba ay 'tsaka na lang ako nito sinugod!" mahaba niyang kwento.

Siya namang pagpasok ng Chairman. **"Ano ang nangyayari rito? Eerah? Cargosin?"** hinanap niya pa kami nang hindi agad makita. **"Christian? Anong ingay iyan?"**

Tumayo ako. **"May pumasok dito."**

"Anong pumasok?"

"Pinasok tayo, Chairman, niloob ang bahay natin!"

"Ano?" galit na talaga ang tinig ng Chairman. **"Kailan? Sino? Paano?"**sunod-sunod niyang tanong na dali-daling tiningnan si Eerah. **"What is the meaning of this? Ayos ka lang ba, hija?"**

"Yes, dad."

Walang nakasagot sa 'min sa tanong ng Chairman. Nagmadali kaming bumaba ni Christian at hinanap ang mga tauhan namin. Hinalughog naming muli ang buong bahay ngunit hindi namin agad nakita ang mga ito.

At ganoon na lang ang gulat namin nang makitang ang lahat ng mga ito ay nasa likuran ng bahay. Pawang mga nakaupo sa damuhan, may busal ang

mga bibig at nakatali ang mga kamay at paa. Ang mga gamit pambusal at panali sa mga ito ay pawang mga pamilyar sa akin.

Gamit namin ang mga ito!

Pinanood kong kalagan ni Christian ang isa sa mga lalaki. Saka namin sabay na pinanood itong kalagan ang iba pa. Daglian ang pagtaas ng galit ko mula sa dibdib papunta sa ulo. Sa oras ding iyon ay gusto kong sugurin ang mga Moon dahil nasisiguro kong sila lang naman ang posibleng gumawa noon.

Nanguna akong bumalik sa loob, nasa 'baba na sina Eerah at Chairman. Pareho nang umiinom ng alak. Paniguradong dahil sa galit na dagli rin nilang naramdaman. Lumapit ako at tumungga ng isa at saka pinanood ang paglapit ng mga tauhan.

Sinenyasan ni Christian ang isa na agad namang lumapit. **"Ano ang nangyari?"** tanong niya. **"Ano ang nangyari at nagkaganyan kayong lahat? Sino ang pumasok dito? Sino ang may pakana nito!"** sunod-sunod niyang tanong.

Napakaimposible ng pangyayaring nadatnan namin. Sobrang imposible na hindi kinakaya ng utak ko. Masyadong marami ang tauhan namin. Mahigit sa treinta ang mga ito, kasama na ang guard at mga katulong. Hindi ako makahanap ng posibleng paraan para mangyari ito. Hindi ko mabigyan ng pangalan ang nararamdaman kong galit at pagkalito sa dibdib at isip ko.

Parang isang milagro itong nasa harap ko. Naiisip kong posibleng mangyari pero hindi ko inaasahang sa amin mismo.

"Hindi namin kilala ang pumasok, Christian," natutulirong tugon ni Mark, ang pinuno ng mga tauhan.

"Ano ba ang ginagawa ninyo at naisahan kayo!" muling bulalas ni Christian. **"Mga mangmang!"**

"Nagtatrabaho, Christian. Nagmamatyag kami, gaya nang madalas naming gawin ay nagbabantay kami ng bahay. Maniwala ka sa akin, Christian. Hindi namin ito inaasahan, hindi rin namin napaghandaan. Hindi normal ang pagkilos ng sumugod na iyon dito kanina lang."

"Wala kaming nadatnan, sino iyon?"

"Kanina pa ito wala," natutuliro pa rin si Mark. **"Napakabilis nang pangyayari, Christian. Hindi talaga ako makapaniwalang mangyayari ito. Ang mga tauhan ko ay naisahang lahat, hindi kapani-paniwala! Kung sino man iyon ay hindi ko nalalaman. May tabing ang kanyang**

mukha at...gano'n sa madalas ninyong suot ni Sir Cargosin ang porma niya."

Ginaya kami? Nangunot lalo ang noo ko, unti-unti ay nakukuha ko na ang pakay nito.

"Paano ngang nangyari iyon!"

Halos maambaan na ito ng suntok ni Christian dahil hindi siya makontento sa ibinibigay nitong sagot.

"Sa dami ninyo, paano kayong naisahan no'n!"

"Magkakahiwalay kami. Ang totoo niyan ay ako pa nga ang naunang mahuli. Agad akong itinali nang mahigpit. Halos walang isang minuto ang pagitan sa bawat isang tauhan na itinatabi niya sa 'kin."

"Ano?"

"Oo, maniwala ka, ganoon siya kabilis kumilos."

"Imposible!"

"Maniwala ka sa 'kin, Christian,"bumaling sa 'kin si Mark. **"Maniwala kayo sa akin, Sir Cargosin, Chairman, hindi kapani-paniwala ang kilos niya."**

Sandali akong natahimik, itinuon ang paningin sa kung saan. Si Christian ay napapabuntong-hininga at napaikot habang sapo ang noo at naguguluhan.

"Wala bang nasaktan sa inyo?"tiningnan ko ang lahat. Nagkatinginan din ang mga ito at sabay-sabay na nagsipagtanggi. **"Wala ka bang napansin sa mga kilos niya?"** tanong ko, nag-isip si Mark. **"Gaano kabilis ang kilos niya?"**

"Gano'n nga, Sir Cargosin. Nang maitali niya ako at dalhin sa likuran ay inorasan ko na ang kilos niya. Syempre, hindi ako nagpahalata. Sir, wala pang isang minuto ay dinadala niya sa tabi ko ang bawat tauhan na mahuli niya," mahabang paliwanag ni Mark. **"Gano'n siya kabilis!"**

"Totoo po," sabat ng isa sa mga tauhan na nilingon ko.

Hindi ako pumapayag na may sumabat nang hindi ko kinakausap pero nang sandaling iyon ay nagawa ko silang pakinggan.

"Naglalakad ako nang magawa niya akong hulihin, Sir Cargosin. Nagulat na lang ako nang wala pa siyang ginagawa ay natumba na ako. Namalayan ko na lang ay nakatali na pala ang pareho kong paa."

"Ako nga ay nawalan ng malay matapos hampasin sa batok," sabi naman ng isa pa. **"Ni hindi ko man lamang nakita kung sino ang**

gumawa no'n at kung saan nanggaling. Nang magising ako ay katabi ko na sila,"itinuro nito ang mga kasamahan.

"Masyado siyang mabilis, sa isang kurap ay nawawala siya sa paningin,"sabat pa ng isa. **"Dumaan siya sa harap ko at nang habulin ko ng tingin ay nahuli niya na ako."**

"Malakas din siyang sumuntok, naiduwal ko nga ang kinain ko,"nagbigay rin ng naranasan ang nasa dulo.

"Ipinatay niya ang ilaw sa buong bahay, señor," sabat naman ng babaeng katulong. **"Nang muling bumuhay ang ilaw ay nakatali na ang lahat ng katulong. Hindi kapani-paniwala, señor. Naramdaman ko nang itali ako. Pero sa isang iglap ay nakatali na rin ang lahat."**

Nakita at narinig ko ang pagpapalitan ng salita ng mga tauhan. Lalo no'ng binubuhay ang galit ko. Base sa mga naririnig ko ay mukhang walang-wala silang laban sa nanloob at iyon mismo ang pinagtatakhan ko.

Matapos ang mahabang usapan ay nagpaiwan kaming apat sa sala. Pinabalik ni Christian sa kani-kanilang pwesto ang mga tauhan. Inutusan ang mga itong magdoble sa pagbabantay dahil hindi umano malabong bumalik iyon. Sandali rin siyang nagdabog sa galit at saka naaasar na tumingin sa akin.

"Ano ang gagawin natin?" agad na tanong ni Christian. Tiningnan ko lang siya. **"Kung nagawa niya tayong gayahin ay hindi malabong alam niya na ang ating katauhan. Imposibleng hindi niya nalalaman na tayo ang nasa likod ng mga kasuotan na iyon. Nagawa niyang gayahin?"** bumaling pa siya kay Eerah.

"Mula ulo hanggang paa ay gayang-gaya, Christian. Kung hindi lang ako matalino ay iisipin kong kayo iyon," paniniguro ni Eerah. **"Ang kaibahan lang niya sa inyo ay mas mabilis siya."**

"*Mierda,*" pabulong na asik ni Christian. **"May nahuhulaan ka ba kung sino ang gumawa nito?"**salubong na salubong ang mga kilay na tanong niya sa 'kin.

"Sino pa ba?" kunot-noo ko ring sagot 'tsaka nag-iwas ng tingin.

Tinitigan ko si Eerah na masama rin ang tingin habang patuloy sa pag-inom.

"Tigilan mo na nga iyan at magpatingin ka sa doktor. Sasamahan ka ni Christian."

"I'm alright, okay?" pabalang niyang sagot at pasiring na inalis sa 'kin ang tingin. **"That bitch!"**

"Sino ang inyong tinutukoy?"seryosong ani Chairman. Sa himig ng boses niya ay para bang may plano na naman siya. Planong paghigantihan kung sino man ang nanloob na iyon.

Napatingin sa 'kin si Christian, naghihintay ng senyas para magsabi sa Chairman.

"Sa tingin ko ay iyong babaeng Moon, Chairman. Si Maxpein," ako na ang sumagot.

Tumitig siya sa akin na para bang inalala pa muna kung sino ang tinutukoy ko. Nangunot ang noo niya at animong may inaaninag sa akin. Naibuka niya ang bibig 'tsaka umihip ng hangin habang nakatitig pa rin sa 'kin. Naningkit ang mga mata niya sa sobrang galit.

"Ganoon kalakas ang loob ng babaeng iyon upang pumasok sa pamamahay natin?" tanong ni Chairman, tumango ako. Nagtaas ng noo ang Chairman at saka muling tumingin sa kung saan. **"Ayon sa mga tauhan ay mabilis siya. Hindi naman na iyon bago sa akin dahil ilang beses ko na iyong nakita sa kaniya. Pero ano ang dahilan niya para akyatin ang bahay na ito? Ano ang dahilan niya para gayahin kayo?"**

Napakadiing magsalita ng Chairman. Lalong sumama ang tingin niya sa amin. Gitil na gitil siya, parang hindi man lang naghihiwalay ang mga ngipin sa ibaba't taas. Ang mga bagang niya ay nagngangalit na anumang oras ay parang pwede niya kaming sugurin.

"Para saan pa ang pagtatago kung nakikilala niya na rin naman pala kayo? Kung ganoon, kung susumahin pala ang pangyayaring ito ay nalalaman niya nang may masama tayong pakay sa kanila? Tama ba ang pagkakaintindi ko, Cargosin?" dagdag pa ng aking ama.

"Chairman," napapahiya kong sambit.

"Ano ang nangyari at nagawa niya kayong makilala? Anong kaestupiduhan ito at nagawa mo pang magtago kung nakikita ka rin pala niya!"

Bigla akong kinabahan. **"Hindi ko alam, Chairman,"** pagsisinungaling ko.

Alam ko at nasisiguro kong ang madalas naming pakikipagharap kay Maxpein ang naging dahilan no'n.

"Huwag mo sabihin sa akin na nakatsamba siya?" nagsisimula nang magtaas ng tinig ang Chairman. **"Napakahusay niya namang tsumamba?"**

"Pero hindi imposibleng ganoon nga, Chairman."

Sumama ang mukha ng Chairman, ang pailalim niyang tingin ay mas lumalim. Kung ano ang naiisip niya ay hindi ko alam. Pero nasisiguro kong hindi matatapos ang linggong ito na wala siyang ipagagawa sa 'min.

Matapos ang mahabang pag-uusap ay nagpaalam na ang Chairman na magpapahinga. Alam kong galit na galit na siya. Pero para walang magawang masama sa 'min ay siya na ang umiwas. Inalalayan namin siya ni Christian at pinagsilbihan. Saka kami dumeretso sa opisina ko upang doon mag-usap. Nandoon na si Eerah at kasalukuyang tumutungga ng alak nang makapasok kami.

"Ano ang ginagawa mo rito?" inis kong tanong.

Galit siyang tumingin sa 'kin. **"What are we going to do now? For sure she's suspecting us already!"**

"Huminahon ka," utos ni Christian 'tsaka kinuha ang alak sa tabi niya at tinungga rin iyon. **"Maaaring gano'n nga. 'Sabagay ay hindi na rin naman ako umaasang hindi niya tayo pagsususpetsahan."** Mataman siyang tumingin sa 'min. **"Iyong biglaang pagpasok natin sa buhay nila ay kataka-taka na. Hindi inutil si Maxpein, matalino siya."**

"Ano nga ang gagawin natin?"naaasar na ani Eerah.

"Ang magpatuloy sa pagpapanggap."

"What do you mean?"

"Bibigyan natin lalo ng kasiguraduhan ang babaeng iyon kung bigla ay iiwas tayo sa kaniya o magpapakita ng galit. Kailangan pa rin nating mag-ingat, ipagpatuloy ninyo kung ano ang trato ninyo sa kaniya. Hindi pwedeng biglang magkaroon ng pagbabago. Hindi niya pwedeng mahalatang nasisiguro nating siya ang may pakana nito. Hindi pwedeng makarating sa kaniyang naghihinala rin tayo."

"Tama si Christian," pagsang-ayon ko.

Sandali kaming natahimik at pare-parehong nag-isip. Tumayo ako sa harap ng bintana, pinaglaro ang yelo sa hawak kong baso. 'Tsaka ko tinungga ang alak na laman no'n. Tumitig ako sa madilim na bahagi ng bundok na natatanaw ko. Sinamaan ko iyon ng tingin dahil ang mukha ng babaeng Moon ang nakikita ko doon.

Nag-iisa siya? Nagawa niyang lahat 'yon nang nag-iisa?

Hindi maalis-alis ang galit sa dibdib ko. Gusto kong ibato ang hawak na baso dahil sa sobrang pagkulo ng dugo ko. Naiisip ko palang ang bagay na ginawa niya ay hindi ko na mapigilan pa ang galit ko. Hanggang ngayon ay hindi ako makapaniwalang nangyari ito at siya ang gumawa.

Paano niyang nagawa ang lahat ng ito nang nag-iisa? Kung kaming dalawa nga ni Christian ay nahihirapang maisahan siya, paano niya nagawa sa 'min ito nang walang kahirap-hirap?

May angking abilidad si Eerah lalo na sa paggamit ng tanto. Pero kung nagawa niyang maisahan si Eerah ay nasisiguro kong wala siyang laban dito. Ang bilis na sinasabi ng mga tauhan namin ay sadyang imposible pero nangyari. Wala akong ibang magawa kung hindi ang manggigil sa galit.

Paniguradong galit na galit sa 'min ang Chairman. Paniguradong maiisip niya na naman kung gaano kaming kainutil! Napakatagal namin itong pinagplanuhan! Bakit napependejo!

Halos mabasag ko ang hawak kong baso dahil sa panggigil ko rito. Naging mabilis ang paghinga ko at gano'n na lang ang pagtitiim ng mga bagang ko. Lalo ko pang sinamaan ng tingin ang bundok na iyon sa harapan ko. Na para bang magagawa ko iyong pagliyabin sa pamamagitan no'n.

"Ang kaso..." Biglang nangibabaw ang nag-aalinlangang tinig ni Eerah, at nag-aalalang tumitig sa 'min.

Nangunot agad ang noo ko nang lingunin ko siya. **"Why?"** tanong ko.

Hindi niya nagawang sumagot agad. Pakiramdam ko ay may nahuhulaan na ako dahil sa mga ikinikilos niya. Nangunot ang noo ko at tuluyang humarap sa kaniya.

"May ginawa ka," nasisiguro kong sabi. **"Ano ang ginawa mo, Eerah? Ano ang katarantaduhang ginawa mo!"**

"Hindi sa kaniya," bigla siyang nainis. **"Kundi kay Lohr. Kay Deib Lohr."**

"Deib Lohr? What did you do to him?" naiinis kong tanong.

'Tsaka niya idinetalye ang ginawa. Mula sa walang kwenta niyang katarantaduhan hanggang sa kung paanong napaghiwalay iyong magnobya.

"What?" naibulalas ko matapos niyang magkwento.

Naibuga ko ang malalim na buntong-hininga. Naibaba ko ang hawak na baso dahil baka maibato ko iyon sa kaniya. 'Tsaka ako dahan-dahang naglakad papalapit. Sinalubong niya ang masama kong tingin. Hindi ako makapaniwala sa ginawang pag-amin ni Eerah. At sa oras na 'to ay gusto ko siyang hilahin sa sobrang galit.

"Akala ko ba ay matalino ka?"nanggigigil kong tanong. **"Akala ko ba ay hindi hamak na mas magaganda ang plano mo kaysa sa amin! Akala ko ba ay mas maabilidad ka kompara sa akin? Ipinain mo lamang ang**

sarili mo, at nahulog ka sa sarili mong katangahan!" dinuro-duro ko siya. **"Sa ginawa mong iyon ay ikaw pa pala ang nagpahamak sa atin!"**

"Eerah!" hinarap siya ni Christian, nagtatangis ang mga bagang. **"Iyan panigurado ang dahilan kung bakit niya tayo niloob! Kung bakit ganoon ang ginawa niya sa iyo at sa mga tauhan natin!"**

"It happened already, okay? Everything is done and I can't do anything to bring everything back! God!" asik ni Eerah.

"You are so stupid!" singhal ko, nanggigitil ako sa kaniya.

"Enough, okay!" singhal niya rin. **"Ang ginawa niya ay simple pa lang kompara sa mga ginawa natin. Nasisiguro kong ginawa niya 'yon para lang takutin ako. Walang nasaktan, hindi ako nasaktan. Natakot, oo. Pero hindi niya ako sinaktan. Nasisiguro ko, tinatakot niya lang ako. Well, congratulations to Maxpein, she did it well. Natakot ako. Pero hindi no'n mababago ang galit ko."**

"Tigilan mo ang pagmamarunong, Eerah!" asik ko.

"Maghintay lang tayo, Cargosin. Nasisiguro kong sa nangyari kay Lohr, hindi lang ito ang aabutin natin."

"Ano ang ibig mong sabihin?"

"Hindi madaling sumuko si Maxpein." Masama ang tingin ni Eerah sa kung saan. **"Kailangang maging mas matalino tayo. Makikinig tayo sa isa't isa mula ngayon. Sasabihin ko sa inyo ang aking mga plano at gano'n din dapat kayo sa akin."** 'Tsaka siya tumingin sa akin. **"Don't worry, guys. I will listen to you."** Seryoso siya at mababasa ang galit sa mga mata.

Imbes na pagtalunan pa ang lahat ay nag-usap na lamang kaming tatlo tungkol sa mga posibleng hakbang namin laban sa tatlong pamilya. Hindi kami basta na lang makapapayag sa ganito. Hindi pwedeng hindi kami makapaghihiganti.

MAX'S POV

"Kumusta na kaya si Deib, 'no?"tanong ni Naih habang kumakain. **"Tinawagan ka na ba niya o no'ng mga kamag-anak niya?"**

"Hindi pa," humigop ako ng kape at nag-iwas ng tingin.

"Sana maging okay 'yong operation niya."

"Sana."

"Bakit parang wala ka namang gana? Okay ka lang ba?"

"Ang totoo? Hindi."

Natigilan siya 'tsaka bumuntong-hininga. **"Alam ko, psh."** Huminga siya nang malalim 'tsaka tumingin sa 'kin.**"Pero 'wag mo 'kong babarahin, ah? Halata namang hindi ka okay. Hindi ka man kasinsungit no'ng dati, pero ganito ka katahimik kapag may problema. Kahit sa school nga ay parang lutang ka parati. Ilang beses ka ngang kinausap ni Lovemir kahapon pero hindi mo siya pinansin. Tapos pareho kayong hindi um-attend sa P.E.. Psh! Para tuloy kayong may something! Joke!"**

"Tss." Nag-iwas uli ako ng tingin. *Malalim ang iniisip ko kaya hindi ako sumali. May itinatago siya kaya hindi siya sumali. Magkaiba kami.*

Hindi ako nagsasalita pero nakikita ko ang mga benda sa magkabilang kamay ni Lovemir. Ayaw kong maisip niyang kinukutuban ako. Hindi naman sa nagsasawalang-bahala ako, posible rin kasing maisip niyang sinasadya kong hindi 'yon punahin. Halata nga lang masyadong itinatago niya 'yon sa 'min kaya nagmamaang-maangan na lang ako.

Hindi pwedeng masira ang plano ko, kasama ka dito.

"Hindi ka nagkwento sa 'kin,"nakangusong sabi niya. **"Hanggang ngayon ba ay hindi ka pa rin magkukwento? Magtatampo na 'ko."**

Bumuntong-hininga ako 'tsaka tinanaw ang langit mula sa bintanang iyon sa kusina. **"Hiwalay na kami ni Sensui, Naih. May dalawang linggo nang nakakalipas."**

Napatitig siya sa 'kin, natitigilan. Tumayo siya sa harap ko at mas pinakatitigan ako. **"Ano?"**

"Hiwalay na kami ni Sensui, no'ng nakaraang linggo pa."

"Ano?"

"Tss. Hiwalay na kami ni Sensui."

"Ano—bakit?"

Nag-iwas ako ng tingin. Kinuha ko ang kutsarita at hinalo ang kape ko. **"Mahabang kwento."**

"Paikliin mo!"

"Hindi makokompleto."

"Makikinig ako!"

"Hindi kasi ito 'yong bagay na masasabi ko agad sa 'yo," hindi ko naitago ang lungkot na nararamdaman ko. Nakita niya naman iyon kaya agad na nawala ang inis sa mukha niya. **"Kilala mo 'ko, Naih, hindi ako palakwento. Tunay kang kaibigan sa 'kin, Naih, kaya alam kong maiintindihan mo 'ko."**

Matagal siyang tumitig sa 'kin at saka ngumisi. **"Akala ko ay babarahin mo na naman ako at sasabihing hindi dapat lahat ay alam ko!"** Natawa kaming pareho, mas malakas nga lang 'yong sa kaniya. **"Naiintindihan kita, syempre, ako pa ba?"** may halong panghihinayang sa tinig niya. **"Pero honestly, hindi ako makapaniwala."**

"Tss."

"Hiwalay na ba talaga kayo?"

"Oo nga." Nagbaba ako ng tingin sa mga kamay ko. **"Wala akong dahilan para magsinungaling."**

"Hindi ako makapaniwala, Max."

"Halata nga," sinubukan kong magbiro pero nabigo ako. Malalim na hininga na naman ang pinakawalan ko 'tsaka tumingin sa kung saan. **"'Yong mga araw na absent ako ay 'yon ang dahilan mismo."**

"Oh, my god, hindi ko inaasahan. Hindi ko naisip 'yon."

"Hindi ko kasi sinabi," tumingin ako sa mga mata niya 'tsaka ngumisi.

"Akala ko ay wala ka lang talaga sa mood at tinotopak."

"Tss. Ganito lang ako pero araw-araw na dumaraan ay nasasaktan pa rin ako, Naih." Hindi ko napigilan ang pamamasa ng mga mata ko.

"Max..."

"Hindi ko na maintindihan ang buhay ko. Masyadong komplikado. Hindi ba pwedeng kapag nagmahal ka ay mahalin ka na lang pabalik? Gano'n ba talaga kahirap dapat 'yon para masaktan ka pa muna nang paulit-ulit?" tanong ko habang nakatingin sa kawalan, nawawala sa sarili.

Bumuntong-hininga siya at saka lumapit sa 'kin. Tumayo siya sa gilid ko at doon ako niyakap. **"Hindi kita matutulungan lalo na't wala akong nalalaman, Max,"** nag-aalala niyang sabi. **"Kakaunti man ang nalalaman ko pero parati mo 'kong karamay. Kapag nasasaktan ka ay nasasaktan din ako. Kaya 'wag kang magdadalawang-isip na lumapit sa 'kin kapag kailangan mo, ah?"**

"Alam ko." Pinilit kong ngumiti. **"'Wag mo nga lang akong susumbatan pagkatapos kong lumapit sa 'yo, ah?"**

Nanlalaki na ang mga mata niya nang magbaba ng tingin sa 'kin. **"Kailan ko naman ginawa 'yon! Psh!"** 'tsaka siya kumalas sa pagkakayakap.

"Tss," pilit na tawa na naman ang pinakawalan ko.

Sandaling katahimikan ang nangibabaw sa 'min. Inasikaso niya pa muna ang nilulutong agahan at saka muling naupo sa harapan ko. Malalim na

buntong-hininga rin ang pinakawalan niya habang nakatitig sa 'kin, parang awang-awa.

"Kaya pala nitong mga nakaraan ay parang hindi na halos kita makilala, Max," aniya, naiilang pa habang sinasabi 'yon. **"Pakiramdam ko ay masiyado ka nang malayo sa kaibigan ko. Lalo na ngayon, hindi ka na nagsasabi sa 'kin. Naisip ko tuloy, gano'n ba katindi 'yong pinagdadaanan mo ngayon?"**

Nagbaba ako ng tingin. **"Sa sobrang tindi, baka hindi mo magawang intindihin."**

Bumuntong-hininga siya. **"Ang totoo, alam kong hindi lang si Sensui ang iniisip mo. Hindi lang 'yong nangyari sa inyo ang inaalala mo. Kahit hindi ka magsabi, kinukutuban akong kumikilos ka dahil sa mga kakaibang nangyayari."**

Tumitig ako sa kaniya at hindi nagawang makapagsalita. Seryosong-seryoso siya at inuungkat ng hitsura niya ang konsensya ko. Napabuntong-hininga ako at nag-iwas na lang ng tingin.

"Pero 'wag kang mag-alala dahil hindi naman kita kukulitin," patuloy niya, nanatili akong nakatingin sa kung saan. **"May tiwala ako sa 'yo, Max. May tiwala kaming lahat sa 'yo. Lalo na si Sensui. Siya ang higit na niniwala sa 'yo."**

Napatitig ako sa kaniya. Sa hindi malamang dahilan ay may pumitik sa dibdib ko. **"'Wag kang magagalit pero ayaw ko lang talagang magsalita. Ayaw kong mas dumami pa ang nakakaalam. Kapag dumami ang nangingialam, mas dumarami ang nadadamay."**

"Ayos lang, naiintindihan ko," pilit siyang ngumiti. **"Pero...hindi naman gano'n ang tingin mo sa 'kin, 'di ba? Hindi naman ako pakialamera para sa 'yo, 'di ba?"** umaasa niyang tanong.

"Hindi kita kailanman nakita bilang gano'n. Ilang tao man ang makasalumuha at makasundo ko, hindi ka mapapalitan ng mga 'yon sa puso ko, Naih. Ikaw lang ang tunay kong kaibigan. Sa lahat nang totoo ay ikaw ang tunay."

Naglapat ang labi niya 'tsaka ngumiti na animong touched na touched. OA na naman. **"Maghihintay ako, Max,"**nakangiting aniya. **"Maghihintay ako na maging handa ka nang magsalita tungkol sa nangyari sa inyo, sa lahat. Marami akong oras para makinig sa 'yo."**

Sandali kaming nagtitigan habang nakangiti, kampante sa isa't isa. **"Tss. Tsismis 'yon kaya syempre, marami kang oras para ro'n,"** biglang biro

ko.

"Kahit kailan ay hard ka sa 'kin, eh!" nagtiim bigla ang mga bagang niya.

"Biro lang." Itinuro ko sa kaniya ang niluluto niyang mukhang kumukulo na.

Nang mawala siya sa harapan ko ay doon muling naglakbay ang isip ko. Papunta kay Sensui. Iniisip ko rin kung kumusta na ang lagay niya pero ayaw ko na munang magtanong. Ayaw kong makarating sa kaniya ang sobra kong pag-aalala.

"Basta ako, pinagpe-pray kong sana ay maging successful ang operation ni Sensui," sabi ni Naih habang kaharap ang mga niluluto. **"Mula no'ng umalis siya, hanggang ngayon ay ilang beses akong nagpe-pray para sa kaniya. Maisip ko nga lang siya ay nagpe-pray na 'ko,"**napakalakas ng boses niya.

Hindi na ako kumibo, inisip ko na lang uli ang lagay ni Sensui. Ako man ay maya't maya ko siyang naiisip. At sa t'wing mangyayari 'yon ay napapapikit na lang ako at lihim na hinihiling ang kaniyang paggaling.

Gusto kong magkwento kay Naih. Higit sa lahat ay sa kaniya ako komportableng magkwento. Pero hindi ko mapagkakatiwalaan ang bibig niya ngayon. Kapag nasimulan ko kasi ang kwento ay hindi malabong magtuloy-tuloy ako. Baka lahat ay mailabas ko lalo na kapag nagsimula nang mangibabaw ang emosyon ko. Kaya mas pinili ko na lang munang manahimik, mas makatutulong 'yon ngayon sa 'kin.

"Pero naisip ko rin," muli siyang naupo sa harap ko. **"Ano kaya ang pakiramdam ni Sensui ngayon, 'no?"**Malungkot ang mga mata niya, parang maiiyak pa. **"Kaibigan kita pero pakiramdam ko...mas nasasaktan ako para sa kaniya ngayon. 'Wag kang magagalit, ah? Mahina kasi siya, may sakit pa."**

"Ayos lang," pinilit kong ngumiti. *Hindi mo kasi alam 'yong dahilan kaya natural lang 'yan.*

"Mahal na mahal ka kasi niya, eh. Siya 'yong tipo ng lalaki na hindi mabubuhay nang wala ka. Pero hindi naman siya nakakasakal, 'di ba?"sinagot ko lang siya ng iling. **"No'ng nakita ko siya sa ospital, awang-awa ako sa kaniya. Kaya nga mas pinili namin ni ate na manatili na lang sa labas, eh. Kasi pakiramdam ko ay maiiyak ako. Hindi ko siya kayang tingnan. 'Buti nga kinaya mong makita siyang gano'n. Kung ako 'yon? Hindi ko kaya."**

"Kailangan ko siyang harapin, eh. Alam ko namang isa ako sa pinagkukunan niya ng lakas."

"Paano niya kaya nagagawa 'yon, 'no? Masakit na physically 'yong puso niya, dumagdag pa 'yong katotohanang break na kayo. So emotionally hurt din siya. Sobrang sakit no'n, Max. Pa'no niya kinakaya? Si Sensui 'yon, eh. Hindi niya kayang wala ang Taguro niya. Pero no'ng oras na 'yon, ipinapakita niyang kaya niya. Ano ang malay natin kung sa loob-loob niya, ang sakit-sakit pala no'ng puso niya?"

Nagbaba ako ng tingin. May kung anong kirot sa dibdib akong naramdaman dahil sa sinabi niya. **"Kaya nga pinakisamahan ko siya nang ayos kahit na gano'n ang sitwasyon namin. Kasi ayaw kong makadagdag sa sakit na nararamdaman niya. Ayaw kong maging dahilan para lalo siyang masaktan. Hindi ko kayang nakikita siyang nasasaktan,"** mabilis na namasa ang mga mata ko. **"Alam ko no'ng gabing 'yon, pinipigilan niya lang 'yong sakit na nararamdaman niya. Kasi ayaw niyang ipakita sa 'kin, sa 'ting lahat. Hindi 'yon 'yong mahinang Sensui na nakilala ko. No'ng gabing 'yon, napatunayan niya sa 'kin kung ga'no siya kalakas."**

Nagpahid siya ng luha, mas nauna pang umiyak kesa sa 'kin. **"Pero, Max...sana magkaayos kayo. Umaasa akong magkakaayos kayo,"**seryosong-seryoso niyang sabi, napatitig ako sa kaniya. **"Hindi ko man alam 'yong dahilan o pinagmulan. Hindi ko man alam kung sino sa inyo 'yong may kasalanan, kung sino 'yong mali o tama. Para sa 'kin ay hindi na 'yon mahalaga. Pareho akong may tiwala sa inyong dalawa. At kung talagang mahal ninyo 'yong isa't isa, magbigayan kayo."**

Hindi ko alam kung bakit ang bawat salitang binibitiwan niya ay parang bala ng baril na isa-isang tumatama sa dibdib ko. Nasasaktan ako pero para sa ikabubuti ko. Gano'n yata talaga ang tunay na kaibigan. Sasaktan ka nang katotohanan.

"Sana 'wag ninyong isipin kung sino 'yong higit na nasaktan. Kasi no'ng mangyari 'yang hiwalayan na 'yan, paniguradong pareho kayong nasaktan at nahirapan. Hindi ninyo kailangang maglamangan. Hindi nimyo kailangang magsisihan. Ang kailangan nimyong pareho ay pang-intindi at pang-unawa, para sa inyong dalawa."

Nag-iwas ako ng tingin. Mabilis na namasa ang mga mata ko at bigla ay parang gusto ko na namang maluha. Naiintindihan ko siya. Maging ang puso ko ay sang-ayon sa sinabi niya. Aaminin kong hindi ko naisip ang mga

'yon. Kaya nasasaktan ako ngayon dahil alam kong mas tama ngang gawin 'yon.

"Sana bago kayo sumuko sa isa't isa, siguraduhin ninyo munang nagawa ninyo na ang lahat para sa inyong dalawa. Matindi 'yong sakit, ang hirap itulog niyan. Pero sana mabura 'yon no'ng mga araw na masaya kayong magkasama."

Seryosong-seryoso niyang sinabi 'yon, tumango na lang ako.

"Naku-curious tuloy ako kung sinong gumawa no'n. May idea ka na ba?" tanong niya nang makalapit uli sa 'kin.

Sumeryoso ako bigla. **"Wala."**

"'Yong totoo?"

Tumingin ako sa kaniya. **"Kailan ba 'ko nagkwento?"**

"So, meron na nga?" nakataas ang kilay niyang tanong. Hindi ko siya sinagot. **"Knowing Maxpein Zin del Valle *y* Taguro-Max-Maxi, paniguradong meron na 'yan,"**sigurado niyang sabi. **"Mag-iingat ka parati, Max."**

"Salamat."

"At magdoble ingat sila sa 'yo,"ngumisi siya, ngumiti na lang ako.

Hindi ko na pinalalim pa uli ang usapan namin. Ayaw kong maging emosyonal sa oras na 'yon. At nagsisimula na 'yon kaya ako na ang kusang huminto.

Nagsabay-sabay kaming kumain kasama ang pamilya ko. Naging tahimik 'yon na para bang ang lahat ay mas malalim pang iniisip kaysa sa 'kin.

Tahimik kaming pumasok ni Naih. May practice ako ng sayaw ng umagang 'yon. Siya naman ay nakipagkita kay Lee. Agad na hinanap ng paningin ko si Lovemir pero hindi ko siya nakita sa social hall. Nagsimula ang practice namin pero hindi siya um-attend.

"Push! Push! Push! And sway...sway...! Again! Push! Push! Push! And sway...sway...!"

Paulit-ulit ang steps na 'yon pero hindi ko magawang sauluhin. Hindi ko malaman kung nasa'n ang utak ko.

Agad na pumasok sa isip ko si Sensui. At kasunod no'n ay ang nakita kong nangyari sa kanila ni Eerah Anitha. Namasa na naman ang mga mata ko, gusto kong saktan nang paulit-ulit si Eerah. Gusto ko siyang singilin sa pambababoy niya kay Sensui.

Ang totoo ay nananahimik lang ako pero sobra na akong nahihirapan. Halo-halong emosyon na naman ang nangingibabaw sa kalooban ko. At

hindi ko na alam kung alin ang uunahin sa mga iyon. Hindi ko na nga rin sigurado kung tama pa ba ang mga desisyon ko.

Hindi ko alam na posible palang masaktan habang nagagalit at naghihiganti. Sakit na parang kutsilyong nakabaon sa puso ko. Kumikirot sa t'wing may maririnig akong masakit sa damdamin.

Pero nang dahil sa sinabi ni Naih kanina ay hindi ko maiwasang isipin ang nararamdaman ni Sensui.

Ako ba talaga o siya ang higit na nasasaktan?

Inis akong huminto sa pagsasayaw at saka naupo sa silyang nasa tabi. Nilingon ako ng ibang members pero hindi sila huminto sa pagpa-practice. Inis akong lumingon sa labas at tumulala. Mayamaya pa ay iiling-iling akong nagbaba ng tingin.

"Okay ka lang ba, Max?" lumapit sa 'kin si Aenna.

"Oo, wala lang ako sa mood sumayaw," pilit ang ngiti kong tugon, napakamot pa 'ko sa tenga.

"'Sus, baka naman dahil wala lang si Lovemir?" biro niya, kumunot naman ang noo ko. **"Biro lang, hehehe."** Tumayo siya dahil sa takot na magalit ako. **"Type mo ba 'yon?"** pahabol niya, nanunukso.

"Ano?" nainis agad ako. **"Tss, hindi!"**

"Okay, okay! I'm sorry," isinuko niya ang mga kamay. **"I was just kidding,"** nakanguso niyang bulong 'tsaka lumayo sa 'kin. **"Okay, guys, from the top tayo!"** aniya na pumalakpak pa bago bumalik sa unahan.

Bigla ko na naman tuloy naalala si Lovemir. *Bakit hindi ka um-attend? May itinatago ka ba sa 'kin?*

Maagang natapos ang practice. Ako ang nahuli sa hall kaya naman ako ang inaasahang magsasara no'n. Matapos kong i-lock ang pinto ay pumihit na ako sa paglalakad. Pero natigilan ako nang matanaw ko si Lovemir na papunta sa music hall kung saan sila nagpa-practice ng mga kabanda.

Wala sa sarili akong naglakad papunta ro'n. Bago ako tuluyang makalapit ay 'tsaka naging mabagal ang paglalakad ko. Wala pa masiyadong tao sa campus, bukod sa mga maintenance boy, kaya naman tahimik pa. Ilang dipa pa ang layo ko pero naririnig ko na ang tunog ng piano. Nang mas lumapit ako ay naririnig ko na rin ang boses niyang kumakanta.

Dumako ako sa bintanang katabi ng pinto 'tsaka sumilip sa loob. Nakaupo siya sa harap ng piano at tahimik na tumutugtog. Nakaharap sa 'kin ang piano, gano'n din siya. Pero dahil sa tabing nito at sa pagiging tutok sa pagkanta at pagtugtog ay hindi niya agad ako nakita.

'Ayun na naman 'yong napakaganda niyang boses na kahit na sinong makarinig ay matitigilan para lang makinig. Napatitig ako sa kaniya at bigla pakiramdam ko ay nararamdaman ko na rin ang sakit na pinagdaraanan niya sa oras na 'yon. Napakaemosyonal niyang kumanta, iyon ang talagang napapansin ko.

Napahawak ako sa door knob at maingat na binuksan 'yon hanggang sa makapasok ako. Hindi ko siya nagawang tinagin sa ginagawa. Tutok pa rin ang mga mata niya sa pagtugtog. Kasabay nang pag-iling ng ulo niya ay ang paggalaw ng mga balikat niya. Makikita kung gaano kadiin ang pagkakapikit niya na para bang sinasaktan siya ng bawat salitang binibigkas. Patunay na damang-dama niya ang kanta at pagtugtog.

Inside I'm dying to see you crying. How can I make you understand? I care about you, so...much about you.

Hindi ko inaasahang magmumulat siya at titingin sa 'kin! Gano'n na lang ang gulat ko nang magtama ang mga paningin namin.

Baby, I'm trying to say this as gently as I can. 'Cause I don't have the heart to hurt you. It's the last thing I want to do.

Tumitig siya sa 'kin nang kunot na kunot ang noo. Na para bang pakanta niyang sinasabi ang mga iyon sa akin mismo. Napigil ko ang paghinga lalo na nang mapagtanto ko kung gaano siya kaseryoso. Nararamdaman kong para sa akin niya kinakanta ang kantang ito.

But I don't have the heart to love you, not the way you want me to. You're so trusting and open, hoping that love will start. But I don't have the heart, oh, no, I don't have the heart...

Nagpatuloy lang siya sa pagkanta at pagtitig sa 'kin na para bang ibinabanta ang lahat nang iyon sa 'kin. Hindi ko maintindihan ang pakiramdam. Maging ang ibig sabihin ng kanta ay hindi ko magawang pakinggan nang ayos pero naiintindihan ko.

Tinapos niya ang kanta at pagtipa sa piano saka muling nag-angat ng tingin sa 'kin. Bahagya akong nagulat pero hindi ako nagpahalata. Tumitig siya sa 'kin, walang nagbabago sa blangko niyang mukha. Matagal iyon na para bang kinakausap ako sa isip pero wala akong naiintindihan. Kakaiba ang titig na 'yon, walang nakakailang na pakiramdam na idinudulot. Sadyang blangko at malamig sa pakiramdam ko.

Ako na mismo ang nagbawi ng tingin at saka ako tumalikod. Ngunit hindi ko akalaing magiging gano'n kabilis ang pagkilos niya. Dahil hindi pa man ako nakalalayo ay nagawa niya na akong hilahin pabalik sa loob. At

bago ko pa nagawang kumilos ay naiharap niya na ako sa kaniya at pabagsak akong isinandal sa pader. Hawak niya ang parehong braso ko at pilit akong idinidiin sa pader. Sa sobrang lapit niya ay pwede nang mag-untugan ang mga ilong namin.

Sa gulat ko ay napatitig akong muli sa mga mata niyang hindi na yata niya inalis sa 'kin. Nangunot ang noo ko, nagtatanong ang aking mga mata pero hindi ko nagawang magsalita. Nilabanan ko ang mga titig niya. Pero bawat segundong nananatili kami sa ganoong sitwasyon ay tumitindi ang kaba sa dibdib ko.

"I am not your type?" kunot na kunot ang noo niyang tanong, bahagyang pinaniningkit ang mga mata. **"I am not your type."**

Sandali akong natigilan at napaisip kung saan niya nakuha ang tanong na 'yon. *Kung gano'n ay narinig niya 'yong usapan namin kanina ni Aenna?* Napatitig ako sa kaniya. Hindi niya pa rin inaalis sa 'kin ang paningin. Para 'yong kidlat na tumatama sa paningin ko. *Tss.*

"You know that I hate it when I think a lot, I hate my thoughts,"mahina niyang sinabi, animong namamaos ang kaniyang boses. **"But I guess I'm starting to like it because you're in it."**

Hindi ko nagawang makapagsalita. Hindi ko alam kung ano ang sinasabi niya. Kinakain ng kaba ang kakayahan kong umintindi. Hindi ko maipaliwanag kung bakit niya ginagawa 'to at kung bakit ganito mag-react ang dibdib ko.

Bakit niya ba sinasabi ang mga 'yan? At bakit hindi ako makaalis sa pesteng pwestong 'to!

"I shouldn't be telling this but...I can't get you off my mind recently. I don't understand why I always think of you." Sinabi niya iyon na para bang litong-lito. **"Damn it."**

Tumitig siya sa 'kin na para bang nandidiri. Wala naman akong nagawa kundi ang magulat, malito at magtaka. Hindi ako makapaniwala sa mga naririnig ko. Sa tingin ko ay alam ko na ang tinutukoy niya pero ayaw kong intindihin. Maging ang kumilos ay hindi ko magawa ngayon dahil sa sobrang gulat.

"I want you to leave me alone, Maxpein," dagdag niya, natinag ako at mas lalong napatitig sa kaniya. **"I need you to stay away from me."** Matapos niyang sabihin 'yon ay binitiwan niya ako at saka siya umatras. **"Stay away from me."**

"What's wrong with you?"naguguluhan ko pa ring tanong.

"Don't come near me."

"Lovemir..." Sunod-sunod ang naging pag-iling ko. **"Hindi kita maintindihan."**

"'Wag kang lumapit sa 'kin."

"Bakit nga? Inaano ba kita?"

"Just stay away from me, Maxpein," kunot na kunot ang noo niyang sabi. Napatitig naman ako sa kaniya dahil sa sobrang kalituhan.

Ano ba ang nangyayari sa kaniya? Ano ang ginawa ko? Bakit biglang nagkaganito? Ayos naman kami, ah?

"May...nagawa ba 'kong mali sa 'yo?" naiinis ko nang tanong.

Pero mukhang mas nainis siya dahil napatingala siya sa kisame nang nakapikit. Inihawak niya ang parehong kamay sa bandang likuran ng baywang at saka sa gano'ng posisyon bumuntong-hininga. Kunot na kunot pa rin ang noo niya, parang sawa nang magpaliwanag sa 'kin.

"Okay," bigla kong sabi. **"Pasensya na kung inabala ko 'yong oras mo. Gusto lang sana kitang tanungin kung bakit hindi ka um-attend sa practice. Hindi ko inaasahan na wala ka pala sa mood."** Tumingin ako sa mga mata niya habang sinasabi 'yon.

"Just go," mahinahon niyang sabi. Parang napahiya naman ako.

Hindi na ako nagsalita pa, dumeretso na lang ako palabas ng hall na 'yon. *Tss. Palalabasin din pala 'ko, 'dami pang sinabi!* Kanina pakiramdam ko ay nakukuha ko ang pinupunto niya pero ngayong ako na lang mag-isa ay hindi ko na naman siya maintindihan.

Hindi na 'ko pinansin pa ni Lovemir matapos ang sandaling 'yon. Sa klase ay hindi man lang niya ako nilingon bagaman panay ang tingin ko sa kaniya. Bigla ay naging wirdo na naman siya sa paningin ko. Hindi ako interesado pero sadyang apektado ako. Dahil hindi 'yon magiging maganda para sa plano ko. Hindi ako pwedeng umiwas sa kaniya dahil talagang kailangan ko siya ngayon.

Lalo na at nasisiguro kong siya ang pumasok sa bahay ni Dean Enrile. Kung hindi ay bakit may benda ang kamay niya? Bakit ayaw niyang maglaro sa P.E.?

Bagaman hindi ko nakita ang mga kamay niya habang tumutugtog sa piano kanina, ngayong nakikita ko ang benda ay alam kong may itinatago siya. Parehong kamay niya ang may benda pero may nagsasabi sa aking isa lang ang may problema.

Hanggang sa matapos ang klase ay hindi niya na ako pinansin pa. Halatang nagpapahuli siya sa paglabas ng classroom. At dahil wala akong balak na makipagpatentero sa kaniya ay nauna na akong lumabas. Nagmamadali namang sumunod ang mga kaibigan ko sa 'kin. Pero mukhang ni isa sa kanila ay hindi nahalata ang mga ikinikilos namin.

Matapos dumaan sa locker ay sabay-sabay kaming dumeretso sa parking lot. Bago pa man ako makalapit sa motor ko ay natanaw ko na si Dein. Naglalakad siya papalapit sa 'min habang nakangiti. Sandaling nawala ang pagkakakunot ng noo ko. Napangiti ako bigla nang makita ko siya, pakiramdam ko ay maganda siyang balita.

"I came to see you," aniya na nakangiti pa rin. **"Hi,"** pagbati niya pa sa mga kaibigan ko. **"Can I buy you a drink?"** tanong niya sa lahat.

Hindi na kami sumagot, sumunod na lang kami kay Dein nang dumeretso siya sa BIS coffee shop. Siya na rin ang um-order at nang matapos ay nakangiti pa rin siyang humarap sa 'min.

"Kumusta si Deib?" agad kong tanong.

Napansin kong nawala ang kinang sa mga mata niya. Maging ang magandang ngiti niya kanina ay mapait na.

"He's fine."

You're lying... Pinilit kong ngumiti. **"Nice to hear that."** Nag-iwas ako ng tingin.

"Anyway, I came here to invite you to a party in our house on Friday."Sabay-sabay na naman kaming napalingon kay Dein matapos niyang sabihin 'yon. **"Birthday ni Deib 'yon. Gusto kong mag-celebrate kahit wala siya. Sa bahay namin ni Randall gaganapin ang celebration."**

"That's a good idea," sabi ni Michiko.

"Gusto ko sanang maghanda nang kaunti, tayo-tayo lang naman ang magse-celebrate. Plano kong tawagan siya para sabay-sabay natin siyang kantahan at batiin ng happy birthday."

Pare-pareho silang natuwa sa sinabi ni Dein, hindi ko naman nagawang sumabay. Una ay dahil alam kong may itinatago si Dein tungkol sa lagay ngayon ni Sensui. Ikalawa ay nag-aalala na ako para kay Senui. At ikatlo, hindi ko alam kung kailan gaganda ang dating ng mga birthday celebration sa 'kin.

"Kakantahan din namin ni Zarnaih ang Mister Enrile!" suhestyon ni Migz. **"Bukod sa happy birthday, syempre, kailangang kantahan natin**

siya nang masayang kanta!"

"Gusto ko 'yan," masayang sang-ayon naman ni Naih.

"Kami naman ng Michiko ay sasayaw, 'te!" sabi ni BJ.

"Ay! Gusto ko 'yan, BJ!" sabi pa ni Michiko na nakipag-apir kay BJ matapos.

"Sige, 'te, ipilit mo! Paano makikita ng Mister Enrile ang pagsasayaw ninyo sa telepono! Baklang palaka na 'to!" singhal ni Migz.

"'Te, uso na ngayon sa panahon naming mga tao ang video camera! Palibhasa ay ulikba ka kaya hindi mo alam 'yon!" singhal din ni BJ rito. **"Pwede mo kaming i-record habang sumasayaw, isasali pa namin ang Maxpein para paniguradong sumaya ang Deib!"**

"At ako talaga ang magre-record sa inyo?"

"Ay, sorry, 'te! Ulikba ka nga pala kaya hindi mo alam gumamit no'n."

"Palaka!"

"Ulikba!"

"Stop it," nananakit ang tiyan sa katatawa ni Dein. **"Grabe, ang saya ninyong kasama, ah! Nawawala ang stress ko."**

"Normal na pag-uusap namin 'to, Ate Dein," natatawa ring sabi ni Migz.

"Pero in fairness, magaganda 'yong suggestions ninyo. Salamat sa efforts ngayon pa lang. Paniguradong matutuwa ang kapatid ko."

"Anything for Mister Enrile."

"Oh, ikaw, 'te?" bahagya akong pinalo ni BJ. **"Bukod sa pagtulala, ano pa ang gusto mong iregalo sa boyfriend mo?"**

"Kantahan mo rin kaya siya, Max?" suhestyon ni Naih. Inis akong nag-angat ng tingin sa kaniya. **"Para may sayaw ka na, may kanta ka pa. Syempre, matutuwa si Sensui no'n!"**

"Hindi na," nagbaba ako ng tingin.

"Bakit?" sabay-sabay nilang tanong.

"'Yong una't huling beses na kinantahan ko siya, hindi niya nagustuhan."

"Malay mo magustuhan niya na uli ngayon! Matutuwa si Sensui no'n, Max! Sige na! Kantahan mo siya!"

"Tss. Anong malay ko diyan?"

"Dali na!"

"Oo na, pag-iisipan ko," naririndi kong sabi 'tsaka muling tumingin kay Dein.

Magsasalita na sana uli ako pero napansin kong tutok na tutok ang paningin niya sa labas. Sandali akong tumitig sa kaniya 'tsaka ko nilingon ang tinitingnan niya. Gano'n na lang ang gulat ko nang makita si Lovemir na nakatayo sa parking lot habang may kausap sa telepono.

Mula sa pwesto ko ay matatanaw kung ano ang ekspresyon ng kaniyang mukha. Paniguradong hindi maganda ang usapan nila ng kung sinumang kanyang kausap. May sandali pang nasapo niya ang noo 'tsaka padulas na inalis ang palad doon. 'Tsaka siya bahagyang sumipa sa lupa at saka inis na pinindot ang telepono.

"Oh, he looks familiar," nangibabaw ang boses ni Dein, agad akong napalingon sa kaniya. Hindi pa rin naaalis ang paningin niya kay Lovemir. Bakas ang malalim niyang pag-iisip, tila inaaalala kung saan ito posibleng nakita.

Pasalamat ako at abala sa pag-uusap ang mga kaibigan ko kaya naman natuon kay Dein ang atensyon ko. Kunot na kunot ang noo niya na para bang pilit na inaalala kung nakikilala niya bang talaga si Lovemir. Biglang bumilis ang pagtibok ng puso ko, hindi ko malaman kung bakit.

Muli akong napalingon kay Lovemir. Kasalukuyan na siyang nakatalikod sa gawi namin at naglalakad papunta sa sasakyan niya. Pinanood ko pang paandarin niya ang sasakyan hanggang sa dumaan 'yon sa harapan namin. Muli akong nagbalik ng tingin kay Dein na nagtataka pa rin.

"Kilala mo siya?" tanong ko.

Nagkibit-balikat agad siya. **"I think I've seen him somewhere, I can't remember where,"** nakangiwing sabi ni Dein. **"He looks familiar, I'm not sure."**

"Kaklase ko 'yon."

"Ah, talaga?"

"Saan mo siya nakilala?"

"Hindi ko sigurado kung kilala ko ba talaga siya, baka kasi kamukha lang."

"Isipin mong mabuti, baka may maalala ka," nakangiti kong sabi. **"Tapos sabihin mo sa 'kin kapag naalala mo na."**

Nakangiti siyang nagtaka. **"Sige,"**napipilitan niyang sabi 'tsaka dinampot ang drinks. **"Anyway, kailangan ko nang mauna. Hindi ako pwedeng magtagal, my baby needs me."**

"Okay lang, Ate Dein. Salamat sa drinks!" ani Michiko.

"See you on Friday!" kumakaway na sabi ni Dein saka tuluyang umalis.

Pinanood ko pa siyang maglakad pabalik sa parking lot ng BISH hanggang sa dumaan ang kotse niya paalis. Hindi na nawala sa isip ko ang ikinilos at sinabing 'yon ni Dein. Nasisiguro kong pamilyar sa kaniya si Lovemir at talagang hindi niya lang matandaan kung saan nakita o nakilala ang lalaki.

Tahimik kaming nakauwi ni Naih. Nagpapahinga ako pero hindi nahinto sa paglalayag ang isip ko. Pakiramdam ko ay nasagot ang isa sa mga tanong ko bagaman hindi iyon ang derektang sagot do'n. Gayunman ay hindi ko pwedeng kalimutan o bale-walain na lang 'yon. Kahit papaano ay nagkaro'n ako ng panibagong nalalaman.

Matapos ang hapunan ay pinanood ko lang ang pamilya kong abala sa pag-uusap. Kumuha ako ng tyempo 'tsaka tumakas sa paningin nila. Naisip kong umakyat sa attic, kung bakit ay hindi ko alam.

Pero bago ko pa man marating ang kwarto kung saan naro'n si Taylor ay agad nang nangunot ang noo ko. Mula kasi ro'n ay naririnig ko ang matining na tinig ng kapatid ko.

Maxrill?

Biglang nag-init ang ulo ko, parang may pumitik sa sentido ko. Nagmadali akong maglakad papunta sa pinto nakinig.

Ano ang ginagawa niya dito?

"If X and Y satisfy the system of equation above, what is the value of x-y?" dinig ko pang tanong ni Maxrill. Kasunod no'n ay ang malakas na pagtawa ni Taylor. **"What? Stop laughing! You said you will help me on this one!"** nangungulit pa niyang sabi.

Doon ko na hindi napigilan ang sariling balyahin ang pinto. At gano'n na lang ang gulat ng kapatid ko nang makita ako. Hindi man lang nawala ang ngisi sa mukha ni Taylor matapos mag-angat ng tingin sa 'kin. Lalo pang lumawak ang pagkakangiti niya at nakakainsulto ang dating no'n sa 'kin.

"What are you doing here!" singhal ko.

"*Noona*!" nagugulat na tumayo si Maxrill at hinarap ako.

"*Neo micheosseo*?" Hindi ko na magawang pigilan pa ang galit nang pasinghal na tanungin kung nababaliw na ba siya. At alam kong nakikita 'yon ni Maxrill. **"Jugoshippo?"** Pasinghal kong tinanong kung gusto niya nang mamatay.

"*Noona*..."

"*Naga,*" nanggigil kong sabi, inuutusan siyang lumabas. **"*Naga*!"**muling sigaw ko dahilan para natutuliro siyang sumunod. Halos magkandahulog ang mga gamit niya sa pagsunod.

"Sorry, *Noona*! Sorry!" dinig ko pang sabi ni Maxrill 'tsaka patakbong lumabas ng kwartong 'yon.

Hindi na naalis pa ang galit kong tingin kay Taylor na mas malaki na ang pagkakangisi. Masyadong nakakaloko na sa paningin ko ay isa na siyang demonyo. Nakangisi siyang tititig sa 'kin at saka biglang tatawa. Hindi niya lang isang beses ginawa 'yon at hindi ko nabilang kung ilan.

Namalayan ko na lang ang sariling lumalapit sa kaniya. Bago niya pa nagawang umiwas ay sinipa ko na ang mukha niya. At nang mapahiga siya ay saka ko itinapak ang paa sa mismong lalamunan niya. Agad siyang nahirapang huminga, magkakawag man ang mga kamay at paa niya ay wala iyong nagawa.

"Lintik ka rin naman kung kumilos, ano?" nanggigigil ko na namang sabi, lalo pang dinidiinan ang pagkakatapak sa lalamunan niya. **"Anong pinagsasasabi mo sa kapatid ko?"** singhal ko pero hindi niya nagawang sumagot. **"Ano ang mga inalam mo sa kapatid ko!"**

Nagawa niya pa ring tumawa sa kabila nang sobrang paghihirap. Bagaman tsinelas lang ang suot ko, gawa sa goma ang swelas no'n. At nasisiguro kong masakit ang ginagawa ko dahil bukod sa bigat ko ay mas dinidiinan ko pa iyon.

"Hindi ka makakatakas dito, naiintindihan mo? Hindi ka makakatakas dito!" sigaw ko at saka muling sinipa ang mukha niya. Dahilan para tulad nang nakaraan lang ay mapadura siya ng dugo.

Inalis ko ang pagkakatapak sa kaniya 'tsaka ako naupo sa harapan niya. Hinala ko ang kwelyo ng damit niya 'tsaka siya sapilitang iniharap sa 'kin. Sa dalawang sipa ko palang ay namamaga na ang mga kilay niya, putok na rin ang labi niya.

"Ginagalit mo 'ko," mahina kong sabi.

"Pinapatawa mo 'ko." Sinabi niya 'yon sa sarkastikong paraan bagaman hirap na.

Lalong nag-init ang ulo ko kaya pwersahan ko siyang itinayo at isinandal sa pader. Sinakal ko siya gamit ang gilid ng braso ko. Nasaksihan ko kung paano siyang nagpumiglas para makahinga. Pero hindi ako ro'n nahinto, hindi ako nagpapigil. Mabilis siyang namula at ilang segundo pa ay nangingitim na siya.

"Sinasabi ko sa 'yo, 'wag ang pamilya ko, Taylor," naging napakadiin nang pagkakasabi ko no'n. **"Lalong-lalo na ang mga kapatid ko!"** Minsan ko pang diniinan ang pagkakasakal. Isang malakas na suntok ko sa tiyan niya ang nakapagpabura sa ngisi niya sa labi. Saka ko siya binitawan.

Agad siyang napaluhod at naghabol ng hininga. Ngunit hindi ro'n natapos ang galit ko. Matapos siyang talikuran ay muli ko siyang hinarap para lang sipain nang sobrang lakas sa mukha. Na sa sobrang lakas ay nawalan siya ng malay.

"Hahanapin ko ang pamilya mo, nang maramdaman mo kung ano ang naramdaman ko," mahina kong sabi 'tsaka ko siya tinalikuran.

Hindi mahinto sa pagmamadali ang paa ko pababa ng bahay. Dinatnan ko silang nasa sala at inaalo ang papaiyak nang si Maxrill. Pero hindi no'n napigilan ang galit ko dahil nang makababa ako ay agad ko siyang dinarag sa kwelyo.

"What did you tell him?"nanggigigil ko pa ring tanong kay Maxrill, mabilis siyang nanginig sa takot. **"*Malhae*!"**

"I was just asking him to teach me in Math, *Noona*!" parang anumang oras ay maiiyak na siya.

"Maxpein! Let go of your brother!"utos ni More pero hindi ako nakinig sa kaniya.

"Math?" hindi makapaniwala kong bulong. Naiiyak na ngumuso si Maxrill. **"Ipagpapalit mo ang buhay mo sa dahil sa Math? Are you stupid?"**

"I said let go of him!" galit nang sabi ni More na pilit inalis ang pagkakahawak ko kay Maxrill. **"What happened?"**

Agad na tumakbo si Maxrill sa likuran ni Maze at doon nagtago. Sinundan ko siya ng galit kong tingin at saka ko siya dinuro.

"Kailan mo pa siya kinakausap, Maxrill Won?" tanong ko pero lalo siyang nanginig sa takot. **"Sumagot ka!"**

"I can't remember!"

"Ilang beses na!"

"I said I can't remember, *Noona*,"nagsisimula na siyang umiyak.

Gustuhin ko man siyang sugurin ay inilalayo siyang pilit ni Maze sa 'kin. Maging si More ay hindi umaalis sa pagitan namin.

"*Mianhe, Noona. Mianhe,*" parang bata niyang sinabi ang paghingi ng tawad. Pinagkiskis niya ang mga palad saka itataas ang mga braso at handa nang mag-squat.

Napahid ko ang mga namuo kong luha sa mata, dahil sa galit 'tsaka siya muling tinitigan. **"Siguraduhin mong wala kang sinabi sa hayop na 'yon, Maxrill. Dahil kapag napahamak ka..."** Tiim-bagang akong tumitig sa kaniya, umiiyak siya at parang sising-sisi sa ginawa.

Hindi ko na nagawang maipagpatuloy ang gusto kong sabihin. Ayaw kong marinig 'yon ng mga kaibigan at pamilya ko, lalong-lalo na si Maxrill. Bata pa siya at masyadong isip-bata. Hindi lahat ng bagay ay sineseryoso niya at lahat ay ginawa niyang laro. Hindi niya lubos na naiintindihan ang nangyayari sa paligid. Lalo na ang itinatakbo ng mga pangyayari ngayon.

"Hindi mo na uli pupuntahan ang lalaking 'yon, naiintindihan mo?"nagbabanta na ang tono ko wala pa man.

"Yes, *Noona,*" napakahina niyang sagot.

"Naiintindihan mo?"

"Yes, *Noona*!" nilakasan niya ang pagsagot.

Sinamaan ko pa siya ng tingin bago ko sila tuluyang tinalikuran.

"Sorry, *Noona*!" umiiyak niyang pahabol pero hindi ko na sila nilingon pa.

Awtomatiko siyang nagpaliwanag habang ngumangawa. Agad na umalalay si Maze bilang abogado niya, panay pang-intindi. Nang sandaling iyon ay naasar ako sa pagiging isip-bata ni Maxrill. At sa isip ay nagpaplano na ako kung paanong mabubura 'yon sa kaniya. Sa lalong madaling panahon ay kailangan niyang tumino.

Umakyat ako sa kwarto at pabagsak na isinara ang pinto. Naupo ako sa kama at naihilamos ang mga palad sa mukha.

Kilala ko si Maxrill at hindi imposibleng may nasabi siya kay Taylor. Inosente siya at iyon ang mas ikinagagalit ko. Dahil alam kong hindi ko siya pwedeng sisihin ngayon. Hindi ko siya pwedeng parusahan dahil gumawa siya ng mali.

Nagpapadyak ako sa sahig dahil sa sobrang galit. Gusto kong tumayo at magsusuntok sa mga pader. Pero paniguradong masisira ko ang mga dingding. Hindi ko inaasahang ang magiging kapalit nang nalaman ko kay Dein ay ito. Isang pangit na pangyayari ito.

Nang dahil sa nangyari ay ilang araw akong wala sa huwisyo. Madalas ay mainit ang ulo ko. Hindi ko kinikibo si Maxrill. Hindi niya rin magawang dumikit sa 'kin, ni ang mangulit kapag malapit ako.

Muli kong binalikan si Taylor. Lalo lang nag-igting ang galit ko. Mas maayos na ang hitsura niya kompara no'ng huli ko siyang nakita.

Paniguradong pinahatiran siya at pinaasikaso ng Chairman dahil bago na ang suot niyang damit. Maayos na rin ang mukha niyang inahitan na ng balbas at bigote. Ngayon ay mukha na naman siyang tao.

"Napapadalas yata ang pagbisita mo? Baka iba ang ipakahulugan ko riyan, Miss Maxpein Moon?"nakangisi niyang bungad habang kinukutkot ang mga daliri.

Hinila ko ang silya at pabaliktad ko iyong inupuan sa harap niya. Ipinatong ko ang dalawang braso sa sandalan at saka tinitigan siya. Sandali kaming naglaban ng tingin, nakangisi siya habang ako ay blangko ang mukha.

"Takot pala sa iyo iyong kapatid mo?" nakangisi pa rin niyang tanong. **"Hindi na kasi siya bumalik dito. Sayang,"** bumuntong-hininga siya. **"Magaling pa naman ako Math."**Hinayaan ko lang siyang magsalita. **"Ikaw, saan ka magaling?"**

"Sa paghahanap."

"Sa paghahanap? Hahaha! Mm,"tumango-tango siya. **"Siguro nga para sa iyo ay magaling ka na."** nakakaloko na naman ang tawa niya. 'Tsaka siya nakangiwing umiling. **"Hindi ako kumbinsido kung gano'n, Miss Maxpein Moon."**

Tumitig na naman siya sa 'kin at sa oras na 'yon ay kahindik-hindik ang kaniyang mga tingin.

"Bakit hindi mo mahanap ang mga sagot sa tanong mo, kung gano'n?"

"Inuunti-unti ko," seryoso kong sabi. Saka inilabas ang maliit na papel at larawan mula sa bulsa sa dibdib ng damit ko. **"Inuna ko muna ang pamilya mo."**

Iniharap ko sa kaniya ang litrato. Nakita ko kung paanong nagbago ang hitsura niya. Ang kaninang nakakaloko niyang ngisi ay napalitan ng galit at pag-aalala. Mababasa ang pag-aalala sa mga mata niya habang ang galit ay nakabalatay sa kaniyang mukha. Hindi nawala ang blangko kong ekspresyon pero ang galit ko ay kumukulo sa loob ng aking dibdib.

"*Su esposa es hermosa.*" Ako naman ang ngumisi matapos sabihing maganda ang kaniyang asawa.

Naghalo ang iba't ibang ekspresyon sa kaniyang mukha. Galit, gulat at pag-aalala. Lahat 'yon ay nagsasama-sama at nagagawa kong mabasa. Nilabanan ko ang mga titig niya. Nando'n pa rin ang gulat sa kaniya kaya naman nauna kong ipakita ang galit ko.

"*Te voy a matar*!" singhal niya.

Hindi ko alam kung ano ang ibig no'ng sabihin. Pero dahil mahihimigan do'n ang galit at pagbabanta ay agad ko na iyong nakuha. Agad kong itinago ang pangungunot ng aking noo.

"*Su esposa es hermosa.*" Inulit ko lang ang aking sinabi dahil iyon lang naman ang alam kong linya. Ipinagtanong ko pa 'yon para maging malinis ang paghihiganti kong ito. **"*Su esposa...es hermosa.*"** Naging matagumpay naman 'yon dahil ngayon ay parang may apoy na naglalagablab sa kaniyang mga mata.

"*Voy a matarte,*" dahan-dahan at nanggigigil sa galit niyang sabi. **"*Te quiero muerto,* Maxpein Moon. *Te voy a arrancar la cabeza! Quiero enterarte pronto*!"**

Nangunot ang noo ko. Pakiramdam ko ay nanonood ako ng Mexican drama at naiinis ako. Wala akong maintindihan maski isa sa mga sinabi niya, hindi ko tuloy malaman kung minumura niya na ba ako o ano.

Nagtaas ako ng noo 'tsaka bahagyang ngumisi. Tinaasan ko siya ng kilay at saka ako tumayo.

"*Su esposa es hermosa.*" Mas ngumisi pa 'ko matapos sabihin uli 'yon. **"*Su esposa es hermosa. Adiós*!"**Doon lumabas ang galit sa mga mata ko matapos siyang talikuran.

Mabilis akong pumasok sa kwarto para maligo at mahimasmasan. Hindi ko pwedeng tuluyang sirain ang mood ko. Dahil nasisiguro kong bukod kay Taylor ay marami pang pwedeng sumira sa katinuan ko.

Sinikap kong matulog nang gabing 'yon bagaman hindi mawala sa isip ko ang aking ginawa. Alam kong galit na galit na ngayon si Taylor. Kung tama man ang ginawa ko ay hindi ko alam. Ang totoo ay ilang araw na ring nasa akin ang larawan na 'yon. At hindi totoong nakaharap ko na ang kaniyang pamilya. Ang nag-iisang linya na iyon na nalaman ko ay ipinahanap ko lang kay Yaz sa internet kanina.

Hindi ko maiwasang mapangisi sa sarili kong katangahan. *Nagpaturo ka na rin lang, sana ilang linya na 'yong inalam mo! Tss.*

LOVEMIR'S POV

"Sige na! Kahit 'yong unang linya lang muna!" nangibabaw ang malakas na tinig ni Zarnaih habang naglalakad ako papunta sa social hall.

"Hindi ko nga kasi kaya, ang taas-taas niyan, Naih naman." Nawawalan na agad ng pasensya si Maxpein. Paniguradong may kung anong ipinipilit sa kaniya ang kaibigan.

"Para kay Sensui 'to, okay? Kaunting effort naman, kaibigan!"

"Mag-e-effort ako tapos hindi niya naman magugustuhan?"

Hindi ko maintindihan kung bakit gusto kong matawa bigla. *Kahit kailan ay napakaikli ng pasensya niya.*Tuluyan akong lumapit bagaman hindi pumasok sa social hall. Bahagya ko silang sinilip at maswerteng lahat sila ay mga nakatalikod sa 'kin.

"Kahit ngayon lang!" pamimilit pa rin ni Zarnaih. **"Hindi mo naman siya makakaharap ngayon, eh! Kakantahan mo lang siya habang ibini-video ka!"**

"Ayaw ko sabi. Tsk."

"Isa!"

"Dalawa."

"Tatlo!"

"Apat."

"Anak ng—'wag ka na namang magpapilit, oh! Mamaya na 'to, eh!"naiinis na talaga si Zarnaih.

Napakalakas ng boses niya. Mabuti na lang at masyado pang maaga para sa klase. Wala pa masyadong tao kaya nakapag-iingay sila.

"Sige na naman, Max, oh?"

"Sige na, 'te, pumayag ka na,"nagmamakaawa naman ang boses ni Migz.

"Oo nga, 'te, 'wag mo namang sirain 'yong magandang plano namin," sabi ni BJ. **"'Yong plano ang maganda, 'te, hindi ikaw. Kaya 'wag ka na masyadong magpapilit."**

"Tss. Sige na. Sige na," nauubusan na naman ng pasensya si Maxpein, gusto kong mapailing.

"Oh, isuot mo." Isinalpak ni Zarnaih ang earphones sa magkabilang tainga ni Maxpein. **"Alam mo naman na ang kantang 'yan, 'di ba? Sabayan mo, pakikinggan ko."**

"Tss, wala nga tayong minus one nito, eh," sa pananalita ni Mapein ay batid kong nakasimangot siya. Inayos niya ang earphones sa tainga.

"Magugustuhan naman ni Sensui 'yan kahit boses mo lang. Max, si Sensui 'yon! 'Yong boyfriend mong patay na patay sa 'yo. Baka nga unang linya mo pa lang, eh, sumabog na ang ihi no'n sa kilig!" sobrang lakas talaga ng boses ni Zarnaih.

Kung si Maxpein ay hindi na kailangan ng minus one, siya naman ay hindi na kailangan ng mikropono. Kahit wala 'yon ay paniguradong

maririnig siya.

"Tsk."

"Sige na! Kumanta ka na! Susuportahan ka namin! Nasa likod mo kami kaya 'wag kang nag-aalala!"

Namulsa ako 'tsaka sumandal sa pader na 'yon na katabi ng pinto. Tinitigan ko ang likuran ni Maxpein na animong lalaki kung maupo. Mayamaya pa ay nagsimula na siyang kumanta at gusto ko talagang matawa. Hindi maganda ang boses niya bagaman hindi ganoon kapangit. Ang matindi kasi ro'n ay sobrang sintunado siya.

That someone like you would care enough...to just believe.

Ginaya niya maging ang pakulot-kulot ng kanta kaya gusto ko lalong matawa. Sa halip ay sunod-sunod na lang ang naging pag-iling ko.

Maganda ang kanta, lalo na siguro kung ganoon din ang boses na sumasabay. Pero dahil espesyal siya sa 'kin hindi ko makuhang mainis. At sa halip ay natutuwa ako. Paniguradong hindi ko pagsasawaang pakinggan 'yon nang paulit-ulit sa buong buwan.

"Yehey!" sunod-sunod ang pagpalakpak ni Zarnaih matapos alisin ang earphones sa tainga niya. **"Okay na okay ang boses mo, Max!"** Sa pilit na ngiti niya ay nasisiguro kong ayaw niya lang pabagsakin ang kompyansa ng kaibigan.

Nagbaba ako ng tingin at hindi mawala ang ngiti sa labi. Bahagya kong nakagat ang labi para hindi kumawala ang halakhak ko.

Iyon na ang pinakamabigat na kasinungalingang narinig ko sa araw na ito. Natawa ako maging sa sariling naisip.

"Mamaya ay magpa-practice ka ulit, okay?" paniniguro ni Zarnaih.

"Baka naman mapaos ako niyan?"inosenteng sabi ni Maxpein, gusto ko na naman tuloy matawa.

"Ang taray mo naman para mapaos, 'te?" pang-aasar agad ni BJ. **"Sa laki niyang boses mo ay paniguradong maraming nakaimbak na timbre dyan sa lalamunan mo. Pipi na ang lahat, mamamaos ka palang!"**

"Tss, aalis na nga 'ko," inis na tumayo si Maxpein. Agad naman akong sumandal sa pader at palihim na naglakad papalayo.

Hindi na ako dumaan sa gawing 'yon. Lumihis ako ngunit hindi inaasahang magkukrus ang landas namin. Natigilan siya at sandaling napatitig sa 'kin. Gusto ko namang mangiti nang maalala ko ang boses niya kanina lang. Pero pinigilan ko iyon at ipinakitang wala akong pakialam.

Magpapaumuna na sana ako nang humarang siya sa daraanan ko. **"Excuse me,"** seryoso kong sabi.

"May problema ka ba sa 'kin? Ilang araw mo na 'kong hindi pinapansin."

Nakakahatala pala siya? Hindi ko maramdaman. Hindi ko alam kung bakit bigla ay gusto kong mangiti. **"Wala."**Seryoso ko 'yong sinabi.

"Inaano ba talaga kita?" puno nang pagtataka niyang tanong.

"I'm not in the mood to talk, Maxpein."

"Kung ano man 'yong nagawa ko, pasensya ka na talaga," sinsero niyang sabi.

Naantig namang bigla ang konsensya ko. Hindi ko siya magawang tingnan kaya nag-iwas na lang ako ng tingin.

"Gusto ko lang sana kasing magpatulong sa 'yo kaya ako pumunta ro'n. Eksakto namang tumutugtog ka kaya...nakinig na lang ako."

Tumaas ang kilay ko. **"Magpatulong? Saan?"** masungit kong tanong.

Nagkamot siya ng ulo. **"Kasi..."**Ngumiti siya. **"Birthday kasi ni Sensui ngayon. Gusto ng mga kaibigan kong kantahan ko siya. Gusto ko rin naman kaso...wala kasi kong lakas ng loob. Hindi kasi gano'n kaganda ang boses ko."**

Hindi talaga maganda ang boses mo. Tch. **"Wala akong oras."**

"Kahit sandali lang? Kasi kung hindi ko maidaan sa ganda ng boses, idadaan ko na lang sana sa ganda ng tugtog." Nagkamot siya ng ulo.

"Wala talaga akong oras. Marami akong kailangang gawin."

Lumamlam ang mga mata niya 'tsaka nagbaba ng tingin, napapahiya. **"Sige, ayos lang. Pasensya na talaga,"** pilit ang naging pagngiti niya bago ako tinalikuran.

Naglakad ako kasunod niya, hindi ko inalis ang paningin ko sa kaniya. Sinadya kong panoorin ang bawat kilos niya hanggang sa pareho kaming makarating sa room. Katawa-tawa dahil dadala-dalawa na nga lang kaming nauna, magkatabi pa.

Ang inaasahan ko ay kakausapin niya ako uli. Nakiramdam ako pero hindi 'yon nangyari. Matigas siya. Hindi ko alam kung paano niya kinayang tagalan ang halos sampung minuto na magkatabi kami nang hindi nagsasalita o lumilingon man lang sa 'kin. Gusto kong mainis dahil nagagawa niyang bale-walain ang presensya ko habang ako ay bagot na bagot nang pansinin ang presensya niya.

Pero pinigilan ko pa rin ang aking sarili. Sa halip ay inilabas ko ang music player at saka nakinig. Noon ay sandaling naabala ang isip ko at nawala kay Maxpein ang focus ko. Unti-unti ay niyakap ko na naman ang musika at nawala sa mundong 'to.

Dumaan ang buong araw na iyon nang hindi ko inaalis sa pandinig ko ang tonong narinig ko kay Maxpein. Nang mag-lunch break at makita ko siyang maunang lumabas ay lumapit ako kay Zarnaih nang nakangiti.

"Oh, anong ngiti na naman 'yan, Lovemir?" nakasimangot niyang baling sa 'kin, wala pa man akong sinasabi. **"How many times do I have to tell you that I'm in a relationship already?"**

"What?" nagtataka kong tanong.

"Taken na ako, Lovemir."Napakaseryoso niya.

"Tch, you're not my type, Zarnaih," naiinis kong sinabi 'tsaka ako nag-iwas ng tingin.

"Eh, bakit panay-panay ang pagngiti mo sa 'kin nang ganiyan kanina pa? Nakakahalata na 'ko, ah!"

"Gusto kong hiramin 'yong player mo, pwede ba?"

"Huh?" nagtaka siya at saka inilabas 'yon. **"Ito?"**

"Yes, pwede ko bang hiramin 'to sandali? Ibabalik ko after lunch."

"Okay, sige. 'Wag mong ngaragin at baka maubos ang battery niyan. Kailangan ko kasi 'yan mamaya."

"Bibilhan kita nang bago."

"Ah, talaga? Grabe ka pala magkagusto."

"What?"

"Wala! Sige na," aniya na akmang tatapikin ang balikat ko pero umiwas ako.

"Thanks," sabi ko 'tsaka lumabas ng kwarto.

Sa daan pababa ay agad kong pinakinggan ang mga kanta. Hindi ko agad nahanap ang kantang 'yon ni Maxpein kanina. Paano kasi'y siya lang ang narinig kong kumanta. Hindi ko narinig ang tunay na kumakanta. Pero hindi nagtagal ay nahanap ko 'yon gamit ang ilan sa mga natandaan kong linya.

Dumeretso ako sa canteen para bumili ng pagkain. At gaya nang madalas kong ginagawa ay dumeretso ako sa music hall at doon kumain. Hindi ko naiwasang malibang sa pakikinig dahil bagaman babae ang kumanta no'n ay nakakaengganyo ang lyrics. Maganda ang ritmo ng kanta at nasasabayan pa. Nagawa ko 'yong masaulo bago pa man maubos ang oras ko.

Hindi ko alam kung ano ang meron sa kantang 'yon para ma-excite ako. Ngunit nang maisip ko kung para kanino iyon ay agad akong napabuntong-hininga. Nahinto ako sa pagkain at nawalan na ng ganang magpatuloy pa. Sandali akong napatitig sa labas at pinatay ang player. Pumikit ako at saka sinimulang tipahin ang keys ng piano.

Sinabayan ko ng humming ang pagtugtog, nasa isip ko ang liriko ng kantang iyon. Sa hindi maipaliwanag na dahilan ay napapangiti ako dahil nangingibabaw sa isip ko si Maxpein at ang sintunado niyang tono. Dahil do'n ay nagawa kong aliwin ang sarili sa pagtugtog.

Gaya ng madalas kong ginagawa ay nanatili ako sa music hall hanggang sa matapos ang break time. Gaya rin nang sinabi ko kay Zarnaih ay ibinalik ko ang player niya nang nasa room na uli kami. Agad na nagsimula ang klase kaya naman hindi ko na uli nagawang ituon kay Maxpein ang atensyon ko.

Nang mag-uwian ay 'tsaka ako nagkaro'n nang lakas ng loob na lumapit sa kaniya. Sinadya ko siyang sundan sa parking lot, nang makaalis na ang mga kaibigan niya. Habang abala si Zarnaih sa pag-aatras ng motor niya ay nilapitan ko si Maxpein. Sandali pa siyang natigilan habang nakatingin sa 'kin.

Bahagya akong ngumiti. **"Ako ang tutugtog para sa 'yo,"** panimula ko. Nangunot agad ang noo niya sa pagtataka. Napangiti ako. **"Pwede akong sumama sa 'yo sa pupuntahan mo, kung saan ka kakanta. Tutugtugan lang kita. I can go home after that."**

Nalito siya. **"Paano mo nalaman?"**nagtataka niyang tanong. Ngumiti lang ako. **"Pinakikinggan mo ba kami kanina?"**

"I didn't mean to," nakangiti akong napailing, sumimangot siya. **"It's okay with me if you don't want to."**

"Naku! Sige na! Sige na! Pumayag ka na! Mag-e-effort na rin lang tayo, eh, itodo mo na!" si Zarnaih ang sumagot. 'Ayun na naman 'yong makabasag-eardrum niyang boses. **"Grabe, iba ka talaga, Lovemir. Oo, nandoon din ako,"** baling niya sa 'kin.

"What?" ako naman ang nagtaka.

"Psh! Nando'n nga lang din ang boyfriend ko kaya...alam mo na!"

"Tch. Whatever, Zarnaih."

"Ginaganyan mo pa 'ko, ah! Hindi kita papansinin! One week!"

"Yeah, right," napapailing kong bulong 'tsaka muling bumaling kay Maxpein. **"Okay, sige, hindi na kita pipilitin,"** sabi ko 'tsaka ngumiti at

tumalikod sa kaniya.

"Wait," habol ni Maxpein. Palihim akong ngumiti bago humarap sa kaniya. **"Sige, tutal sa The Venice din naman 'yon. Taga-ro'n ka, 'di ba?"** kaswal niyang tanong, tumango ako. **"Papunta na kami ro'n ngayon."**

Tumaas ang kilay ko 'tsaka pinasadahan ng tingin ang kabuuan niya. *Nang ganiyan ang suot?* Gusto kong matawa. **"Okay, then. I'll see you later. Susunod na lang ako. Hindi naman agad siguro magsisimula ang performance ninyo?"**

"Sige, ite-text na lang kita."

"I'll wait," tumango ako 'tsaka nagpaumunang umalis.

Hindi maalis ang ngiti ko habang nagmamaneho pauwi. Lalo na kapag naaalala ko ang sintunadong boses ni Maxpein, hindi ko maiwasan lalong mapangiti. Napapailing na lang ako kapag naaalala ko kung gaano kaikli ang pasensya niya. Kung paano niyang singhalan ang mga kaibigan sa naiinis niyang tono.

Pagkarating sa bahay ay naupo agad ako sa sofa. Inihilig ko ang ulo ko at saka ako sandaling tumitig sa kisame. Mayamaya lang ay nakaidlip ako nang hindi namamalayan. Nagising na lang ako sa dalawang magkakasunod na tunog ng cellphone ko. Kukusot-kusot pa ako sa mata nang kunin 'yon at pilit na basahin.

One Message Received

From:Maxpein

Magsisimula kaming kumanta ng 9PM, sana free ka pa no'n. See you. J

07:18PM

Compose Message

To: Maxpein

Okay, I'll see you, then. J

Message Sent!

Lalamya-lamya akong tumayo at doon ko naramdaman ang nanakit kong mga binti. Kaya naman napayuko ako ro'n at hinimas-himas ang mga muscles no'n. 'Tsaka ako muling tumayo at pinaghawak ang dalawang kamay ko at umunat. Napapikit pa ako habang pinapalagutok ang mga buto sa ibabang parte ng likod ko.

Gano'n na lang ang gulat ko nang makita ang relos ko matapos magmulat. Treinta minutos na lang para alas nueve. Halos takbuhin ko ang kwarto para maligo.

*Nakakahiya naman kung male-late ako. Baka lalo siyang masintunado.*Gusto ko na naman tuloy matawa dahil naalala ko ang boses niya.

Iyong pulang polo ang pinili ko para kahit papaano ay bumagay sa okasyon. Nakangiti akong humarap sa salamin at tiningnan ang sarili sa huling pagkakataon bago umalis.

Ngunit gano'n na lang ang gulat ko nang mula sa salamin ay may makita akong nakatayo sa aking likuran. Purong itim ang suot at may tabing ang mukha. Magkakrus ang mga braso at bagaman mga mata lang ang makikita ay batid kong nakatingin sa akin.

Dagli akong napalingon dito, hindi agad nakakilos at nakapag-isip sa sobrang tuliro. **"How did you get in here?"** naging mabagal ang pananalita ko.

Pero hindi iyon sumagot. Sa halip ay inalis nito sa pagkakakrus ang mga braso at pagilid na naglakad papalapit sa gawi ko. Umatras ako at sinadyang lumapit sa side table. Tahimik kong hinila ang drawer. Pero bago ko pa man iyon mabuksan ay umatake na ito.

Sunod-sunod itong sumuntok at sa sobrang bilis no'n ay hindi ko nagawang umilag agad. Sinalag ko ang ilan sa mga suntok niya at naging masakit 'yon. Sobrang lakas ng suntok niya dahilan para mapaatras ako lalo. Lalo akong natutuliro sa kaniyang bilis. Kahit nakatalikod ay nagagawa niyang saluhin ang mga atake ko at pinapalitan 'yon nang mas malakas pang suntok.

Nagulat pa ako nang bigla siyang humarap at hindi inaasahang sisipain niya ako sa tiyan. Sa sobrang lakas na naman no'n ay pahiga akong natumba. Napamura pa ako nang maunang tumama ang magkabila kong siko.

"What do you want from me!"sigaw ko.

Prente itong naglakad papalapit sa 'kin, papalapit nang papalapit habang umaatras ako. Hindi ito sumagot. At sa halip hinila ang magkabilang kwelyo ng polo ko at saka ako pwersahang itinalikod sa kaniya. Nanlaban ako pero mabilis niya akong naisubsob sa pader. Isinangga niya ang braso sa batok ko dahilan upang lalo akong masubsob. Nalalanghap ko ang sariling hiningang tumatama sa pader.

"Who are you!" nahihirapan man ay nagawa ko iyong isigaw.

"You'll die if I tell you," napakahina nitong tugon. Halos pabulong dahilan para maging brusko ang tinig nito.

Matapos no'n ay pwersahan niya akong itinulak sa kama at dinagukan sa likuran. Nang bitawan niya ako ay nilingon ko siya, nasa labas na siya ng pinto at kasalukuyan iyong isasara.

Sinenyasan niya ako gamit ang dalawang daliri, na para bang sinasabing mamatyagan niya ako. 'Tsaka niya isinara ang pinto. Ang sumunod na nangyari ay narinig ko na ang mga yabag niya papalayo. Galit akong napasuntok sa kama. Gusto kong habulin ang taong 'yon pero may kung anong pumipigil sa 'kin.

Nang wala na akong maramdamang kumikilos ay 'tsaka ako lumabas. Sinuyod ko ang buong bahay ngunit walang nakita.

You'll die if I tell you... Muling nangibabaw sa isip ko ang tinig nito. Paulit-ulit.

Napapailing akong sumandal sa dingding. Nakatingala kong sinapo ang aking noo, panay ang buntong-hininga.

"Nagkamali ka ng taong binantaan, magaling ang pandinig ko sa tono."

Masama ang tingin ko habang inaayos muli ang sarili. Hindi ko napigilan ang pagkuyom ng aking mga kamao, maging ang pagtitiim ng mga bagang.

"Hindi ko mapapalampas 'to."

OceanofPDF.com

CHAPTER 206 : FAITH

FAITH

EERAH ANITHA'S POV

"HINDI KO talaga maintindihan kung bakit pati tayo ay kailangan nilang imbitahan," tatawa-tawang sabi ko habang nasa byahe kami papunta sa bahay ng kapatid ni Lohr.

Inimbitahan kami ni Chairman Enrile. May inihanda raw silang maliit na party para kay Lohr. Gusto ko talagang matawa nang sabihin sa 'kin 'yon ni daddy. Hindi ako makapaniwala at talagang gustong manakit ng ulo ko sa sobrang pagpipigil ng tawa.

Kung alam lang niya na ako ang dahilan sa inabot ng apo niya, baka murahin niya pa ako kapag nakita niya ako ro'n ngayon.

Pero nang maisip ko si Maxpein ay biglang naningkit ang mga mata ko. Maging ang noo ko ay sumobra sa pagkakakunot. Hindi malabong nando'n din siya, imposibleng mawala siya ro'n.

Hindi ko alam kung handa na ba akong harapin ang babaeng 'yon. Baka kung ano ang magawa ko kapag nakita ko siya. Bagaman may mga nabuo na kaming plano, sinabi ni Sin na kailangan muna naming maghintay ng hudyat niya at ng aking ama. Hindi na kami maaaring magpadalos-dalos dahil traydor ang kalaban.

Pagsisisihan mo ang ginawa mo sa 'kin, Maxpein! Ang lakas ng loob mong akyatin ang bahay namin. Hindi mo ba naisip na ang bawat hindi magandang nangyayari sa 'min ay may kaukulang ganti?

Ngunit sa kabilang banda ay naalala ko rin si Lohr, lalo na ang lagay niya. Hindi ko rin alam kung paano siyang haharapin sa pagbalik niya. Hindi ko alam kung may nalalaman na ba siya sa ngayon at kung ano ang mga hakbang na gagawin niya laban sa 'min. Napapikit ako sa sobrang pag-iisip, parang gusto ko na tuloy magsisi dahil mukhang ako ang nagkamali. Ako ang naging padalos-dalos sa pagkilos nang hindi iniisip ang mga posibleng mangyari o kahinatnan ng mga kilos ko.

"Hindi malabong nandoon ang babaeng tinutukoy ninyo," mayamaya ay sabi ni daddy.

Walang lumingon sa kaniya ngunit pare-pareho kaming gumalaw ang mga mata papunta sa gawi niya. Naging matunog ang malalim niyang buntong-hininga. Hindi ko malaman kung tama ba ang naging reaksyon ko, palihim akong ngumisi at itinuon ang paningin sa labas.

"Ano ang plano ninyo?" dagdag niya pa.

"Wala." Iyon ang tanging isinagot ni Cargosin, hindi naman na nagsalita pa ang Chairman. **"Mahirap gumawa ng gulo sa hindi natin teritoryo, Chairman."**

Hindi alam ni daddy ang ginawa kong 'yon kay Lohr. Hindi ko lalo alam kung ano ang magiging reaksyon niya kapag nagkataon kaya wala na rin akong balak na ipaalam pa iyon. Ewan ko kung bakit hindi man lang ako nagdalawang-isip na gawin 'yon. Pero sa t'wing maiisip kong magagalit ang daddy kapag nalamang may kinalaman ako ro'n ay hindi ko maiwasang matakot. Malalaman niyang lumilihis kami sa mga plano niya. Masyado siyang maraming iniisip ngayon kaya hindi pwedeng dumagdag pa ako.

Bagaman mabagal ang byahe, hindi nagtagal ay narating namin ang village kung saan nakatira ang mag-asawang Echavez. Gusto ko pang mangiti dahil alam kong doon din nakatira si Lovemir. Pero hindi ko maiwasang mainis nang maalala ang naging huling pag-uusap namin.

Siguro naman ay wala na 'yon sa kaniya. Pwede siguro akong makipagkita sa kaniya mamaya, o di kaya naman ay bibisitahin ko na lang siya. Pero agad din akong natigilan sa sariling naisip. Nangunot ang noo ko at palihim na napapikit. *Bakit naman kailangan mo siyang makita pa, Eerah? Ano ang iyong dahilan?* Nagpakawala ako nang malalim na hininga 'tsaka umibis ng sasakyan.

Agad kong tinanaw ang bahay na 'yon sa harapan namin. Maliwanag at mukhang may salo-salo nga na nagaganap kung titingnan. Malakas ang sound system sa paligid pero mukhang iilan lamang ang bisita.

Iginala ko pa ang aking paningin sa labas ng garahe nila at iilang sasakyan lang ang aking nakita. Inalalayan ako ni daddy papalapit sa gate, kasunod naman namin sina Cargosin at Christian. Agad na nagpatiuna si Christian at pinindot ang doorbell, hindi nagtagal at lumabas na sina Chairman at Dean Enrile.

Nakangiti agad ang mga ito sa amin, pero mahahalatang may pait. Hindi ko nasisiguro kung tama ang nababasa ko pero mukhang nag-aalinlangan sila sa presensya namin. Pakiramdam ko tuloy ay napilitan lamang si Chairman Enrile na imbitahan kami.

Sandali silang nagbatian ng aking ama, muli ay ikinuwento ni Chairman Enrile ang dahilan ng handaan. Nang makapasok kami ay ipinakilala niya kami sa apong babae at asawa nito. Nakalimutan niya na yatang ilang beses niya nang naipakilala sa min.

Sandali kong iginala ang paningin sa kabuuan ng eleganteng bahay 'tsaka ako ngumiti kay Dein Leigh. **"Hello, Leigh. Thanks for the invitation. I like your house."**

"Thank you, Eerah," nakangiti rin nitong sabi. **"Actually, sa backyard gaganapin 'yong party so...tara?"**magiliw pa niyang anyaya.

Susunod na sana kami nang mapansing natigilan si daddy. Nang lingunin namin siya ay nakangiti na siya sa anak ni Leigh na natutulog sa kuna. Maganda ang pagkakangiti niya sa bata na para bang nakakakita siya ng anghel dito.

"Let's go, dad?" anyaya ko. Nakangiti itong lumingon sa 'kin 'tsaka muling tingnan ang baby. Matapos itong ngitian ay 'tsaka siya sumabay sa 'min.

"Naiisip ko kung kailan ninyo ako balak na bigyan ng apo, Christian?"sabi pa ni daddy, gulat akong napalingon sa kaniya. **"Ikaw ba ay walang balak na magkaanak, Eerah?"**

"Sa dami ng ginawaga natin, dad, how is that possible?" hindi ko naiwasang maging sarkastika. Pero mukhang hindi matitinag no'n ang maganda nang mood niya.

Kung hindi mo lang sana hinadlangan ang relasyon namin ni Lovemir ay may apo ka na. Hindi ko napigilan ang namuong kirot na 'yon sa dibdib ko. Nagngingitngit na naman ang kalooban ko dahil naalala ko na naman ang tungkol sa 'min ni Lovemir.

Mula sa sala ay pinangunahan kami ni Leigh papunta sa dirty kitchen kung saan may daan papuntang backyard. May maliit na patio at hagdan doon, paibaba sa mismong damuhan kung saan naro'n ang mga mesa. Mukhang pinaghandaan talaga nila ito, bagaman simple kasi ay hindi biro ang mga disenyo. Halatang pinaglaanan iyon ng oras at hirap. Kakatwang sa edad na iyon ni Lohr ay naiisip pa rin nilang sorpresahin ng ganito ang binata.

Palibhasa'y isip-bata.

"Everyone, let's welcome the Rewis family," anunsyo ni Leigh, agad namang nagsipaglingunan ang mga naro'n.

Ngumiti ako nang todo at pumostura. Inihakbang ko paabante ang kanang paa ko, dahilan upang dumausdos sa balat ko ang hiwa ng aking palda at matambad ang mahaba kong hita. Inihawak ko ang magkabilang kamay sa aking bewang 'tsaka ipinakita ang kabuuan ng aking katawan. Syempre, nakuha no'n ang atensyon ng iba kaya mas itinodo ko pa ang ngiti.

Inalalayan uli kami ni Leigh papalapit at iminuwestra papaupo sa mesa. Nagpaalam siya sandali at saka lumapit sa asawa na kasalukuyang inaasikaso ang mga instrumento. Mahilig ngang talaga sa musika si Randall, isa sa napagkasunduan nila ni Cargosin.

May maliit na entablado silang ginawa na noon ko lang napansin dahil sobrang baba. Pinagpatong-patong na plywood lang iyon. Makipot ang entabladong 'yon pero nagawang pagkasyahin ang mga instrumentong naro'n. May acoustic guitar sa kanan, organ sa kaliwa, percussion sa gitnang dulo, at dalawang mic and stand sa gitnang unahan.

Nilagyan nila ng arko sa gitnang dulo na gawa lang din sa kahoy. At bilang disenyo ay nilagyan nila 'yon nang manipis at kulay puti na tela. Sa mismong tela ay nakadikit ang maliliit at madilaw na mga bumbilya na bumubuo sa pangalan ni Deib Lohr. Bukod doon ay may mga pulang bumbilya rin na bumubuo naman sa tatlong puso sa ilalim ng pangalan, dalawang maliit at isang malaki sa gitna. Nakakatuwang tingnan dahil ginawa nilang espesyal ang isang bagay na simple. Gusto kong matawa dahil kung hindi ko kilala si Lohr ay posibleng maisip ko na para sa babae ang selebrasyon.

Apat lang ang mesa bukod sa dalawang kinalalagyan ng mga handa. Ang unang mesa ay inokupa namin at ang isa naman ay okupado ng apat na lalaki at isang babae. Kung hindi ako nagkakamali ay mga kaibigan lang nina Maxpein at Lohr ang naro'n bukod sa 'min at sa pamilya nito. Gusto na tuloy maghanap ng mga mata ko sa mga taong imposibleng mawala rito.

Hindi nagtagal at nakangiting dumulog sa 'min si Randall, sandali siyang nakipagbatian. Nakipagkumustahan siya sa aming ama na magiliw namang pinaunlakan ang pangungumusta niya. Mayamaya pa ay katulong niya na ang isang maid at si Dean Enrile na mag-asikasong hatiran kami ng hapunan.

Nagsisimula na rin kaming kumain nang muling umalis si Leigh. At pagbalik niya ay kasama niya na ang mga Moon. Agad na tumaas ang mga kilay ko nang sa hindi inaasahan ay wala si Maxpein sa mga iyon.

Muli ay nakipagbatian sa 'min ang mga Moon, sandali silang tumayo sa palibot namin. Hindi ko malaman kung bakit sa simpleng tindig ay parang may formation pa ang pamilya. Gusto kong matawa dahil parati nilang pinaggigitnaan ang kanilang Chairman. Nasa magkabilang dulo ang mga anak.

Nahinto kami sa pagkain nang magkumustahan ang dalawang Chairman. At nakapagpatuloy lang muli nang okupahin nila ang mesang sadyang idinugsong sa kinadudulugan namin.

"Masarap ang handa, I'm enjoying it," papuri ko nang nakangiting lumapit sa 'min si Leigh. Parang hindi man lang siya napapagod sa dami ng inaasikaso.

"Salamat naman at nagustuhan mo," namula pa siya nang sabihin 'yon, tuwang-tuwa. **"Okay lang ba kayo?"**tanong niya na tiningnan pa ang lahat, sinagot namin siya ng ngiti. **"Aasikasuhin ko lang muna 'yong baby ko, then after that ay aasikasuhin ko na 'yong video."**

Gusto ko sanang itanong kung anong video 'yon pero kumaway na siya at lumayo. Pinanood ko na lang tuloy ang paligid hanggang sa matuon ang paningin sa mga kaibigan ni Deib Lohr na hindi inaalis ang paningin sa 'kin. Napangiti ako nang makita ang mga palihim nilang pagsulyap, hindi kasi 'yon 'yong tipo ng may paghanga. Parang may galit pa nga.

Una kong napansin iyong nag-iisang apo ng mga Yanai. Ang mayamang pamilya ng mga Yanai na hindi man lang yata nagba-background check. At basta na lang nagbibigay ng pondo para maging stockholders. Palibhasa'y ang bawat sangay ng kanilang pamilya ay umaatikabo ang yaman.

Panay ang sulyap niya sa 'kin at sa t'wing mahuhuli ko ay nag-iiwas siya ng tingin. Hindi ko maiwasang mapangiti dahil kahit pilit niyang pagmukhaing inosente ang sarili, nababasa ko ang disgusto niya sa akin sa kaniyang mga mata. Wala siyang pinagkaiba sa Chairman ng mga Yanai, hindi itinatago ang amor sa mga gustong makahalubilo. Walang kaplastikan sa katawan.

Mayamaya pa ay dumako ang paningin ko sa nag-iisang apo na lalaki ng mga Gozon. Ang makapangyarihan ngunit nananahimik na mga Gozon. Kabaliktaran nang nauna ay napakarami namang binubusisi ng mga ito bago magbigay ng pondo. Pero hindi biro ang kanilang presyo. Kahit sino ay gugustuhin silang makasosyo.

Kakatwa nga lang na ang isang ito lamang ang mukhang may pakialam sa nangyayari. Well, bukod sa pinsan niyang babae na idinaraan sa

paglalandi ang halaga ng lalaking Enrile. Hindi tulad ng pamilya nilang hindi man lang kumustahin ang lagay ng mga Enrile. Lunod sa pagpapatakbo ng negosyo ang mga Gozon.

Masama ang tingin sa 'kin ni Lee at hindi siya nag-aalinlangang ipakita 'yon. Tuloy ay hindi rin ako nagdalawang-isip na ipakitang wala akong pakialam. Kung ano ang nalalaman at iniisip niya ay hindi ko alam, at mas lalong wala akong pakialam. Nilabanan ko nang nakakalokong tingin at ngisi ang matatalim niyang titig hanggang sa siya na rin ang sumuko sa akin.

Pathetic and useless bestfriends...hahaha!

"Mukhang may ibang nakakaalam ng ginawa mo," pabulong na sinabi sa 'kin ni Cargosin, bahagya pa siyang lumapit bagaman magkatabi na kami.

"And what's your point?" mataray kong tugon, tinitingnan ang bagong polished kong kuko. Wala nang gaganda pa sa kamay ko.

"Hindi inaalis ng ilan ang paningin sa iyo."

"Sa tingin mo?" nakangisi kong tanong.

"Masama ang tingin sa 'yo nina Gozon at Yanai."

"Baka nagagandahan sila sa akin? What do you think?" tiningnan ko pa siya nang nakakaloko.

"Hindi biro ito, Eerah. Kapag nagkataong alam nga nila ang ginawa mo ay posibleng mapahamak tayo."

"Ano naman ang magagawa nila kung malaman nila ang totoo, Cargosin? Calm down."

"Paano kung sumablay na naman iyang mga payabang mo?"

Tinaasan ko siya ng kilay. **"Kung may gagawin sila, sana noon pa. Mukhang wala nga silang pakialam sa nangyayari sa kaibigan nila. Besides, they're all useless enough to care."**

"Siguraduhin mo lang na malulusutan mo ito. Hindi ko alam kung ano ang mangyayari kapag nakabalik na ang apo ng mga Enrile."

Hindi na ako sumagot, maging ako kasi ay kinabahan. At ayaw ko iyong makita nina Cargosin at Christian. Gaya kanina ay nangunot ang noo ko dahil sa kaba na binubuo ng isiping 'yon sa dibdib ko. Hindi talaga ako handang harapin si Lohr, hindi ko alam kung paanong magpapaliwanag sa kaniya. Lalong hindi ko alam kung paano pang makukuha ang tiwala niya matapos nang nangyari.

"Kumusta na nga pala ang iyong apo, Chairman Enrile?" dinig naming tanong ni Chairman Moon. Napalingon ang lahat kay Chairman Enrile. Bumukas ang matinding pag-aalala sa mukha nito. **"Kumusta ang operasyon niya?"**

"Ang totoo ay wala pa kaming balita, Chairman Moon," ani Chairman Enrile matapos tumikhim, bakas sa mukha niya ang pagsisinungaling.

"Sana ay maging maayos agad ang kaniyang lagay," bagaman nakangiti ay hindi naitago ni Chairman Moon ang pag-aalala sa tinig. **"Sapagkat hindi matatahimik ang aking apo hangga't hindi niya nakikitang maayos ang lagay ng kaniyang nobyo."**

Bigla ay para akong binuhusan ng yelo. Simpleng linya lamang ang binitiwan ng senyor pero pakiramdam ko ay patama sa akin mismo ang mga iyon. Para iyong kasagutan sa ilang mga tanong na nabuo sa isip ko nang gabing loobin ako mismo. Para bang sinasabi ng mga salitang iyon na babalikan ako ni Maxpein at papatayin.

Nagtiim ang bagang ko, natuon sa pagkain ng aking harap ang aking paningin. Hindi ako sigurado pero pakiramdam ko ay palihim silang tumitingin sa 'kin, napapraning ako.

"Salamat sa iyong apo, pumayag ang aking apo na magpaopera, Chairman Moon," sinserong sinabi ni Chairman Enrile. **"Salamat din sa inyong lahat. Hindi ko man hingin ang inyong tulong ay kusa na kayong dumudulog sa amin. Salamat. Hindi ko makalilimutan ito."** Noon ko lang nakita at narinig na maging emosyonal si Chairman Enrile. At nandidiri akong makita na wala iyong halong kaplastikan.

Tumango si Chairman Moon. **"Sa tingin ko ay hindi para sa kalungkutan ang salo-salong ito kaya naman ibahin na natin ang usapan."**Napakaganda ng ngiti niya, parang sobrang bait. **"Where is Maxpein?"**seryoso niyang tanong.

Para na naman akong binuhusan ng yelo. Ngunit nang sandaling iyon ay nagyelo na rin ako.

At mukhang hindi lang ako dahil maging sina Cargosin at Christian ay biglang nabalisa. Nang dahil sa nangyari sa 'kin ay naging iba ang epekto sa 'min ng babaeng 'yon. Epektong hindi mapangalanan dahil nababalot nang di masukat na takot.

"Inaayusan lang siya ng mga kaibigan niya, Chairman." Si Randall ang sumagot.

"Inaayusan? Para saan?"nagtatakang tanong ng senyor.

Hinapit naman ni Randall ang bewang ng asawa. **"Napaka-sweet kasi nitong asawa ko, pinaghandaan nila nang todo itong party para kay Deib Lohr. 'Ayun, 'yong mga babae ay nagpapaganda nang ayos at may mga performance sila mamaya."**

"Is that so?" tumango-tango si Chairman Moon. **"Mukhang maganda pala ang selebrasyong ito kung ganoon? Malilibang tayo."**

"At may inihandang film showing si Dein," dagdag ni Randall sa nanunuksong tono, nahihiyang pinalo siya ni Leigh sa balikat. **"Inipon niya 'yong mga videos ni Deib Lohr mula noong bata at plano niyang ipapanood sa lahat."**

"That's good. I'm excited,"namumuri ang tono ni Chairman Moon, itinaas pa ang kupita niya ng alak 'tsaka sumimsim doon. **"Maxrill, call your sister. Everyone is waiting,"** utos niya sa bunsong Moon na agad na ngumuso matapos maudlot ang pagsubo.

"I can't find my handyphone,"nakalabi nitong tugon, nakakatuwa ang tono ng kaniyang pananalita.

"Where is it?" nagtatakang tanong ng Chairman. Wala akong naintindihan sa mga sinabi nila gamit ang wikang dayuhan. Para kaming mga aliping nanonood lang sa pag-uusap nila.

"Where is your handyphone?"tanong naman ni Maze Moon na nilingon ang anak.

"I don't know," lalong ngumuso ang bunsong Moon. Wala itong kasing-inosente. Saka kumuha ng panibagong slice ng strawberry cake. Halos malagyan pa ang ilong niya ng icing nang matapos sumubo. Pinagsabihan naman ito ng kaniyang ina gamit ang ibang salita.

"Nakakatuwa ang inyong apo, Chairman Moon." Biglang nagsalita si daddy na nakatingin sa bunsong Moon.

"*Jeo-yo*?" tanong ni Maxrill na itinuro pa ang sarili.

Kung hindi lang ito kalaban ay posible na akong matuwa sa kaniya. Lalo na at ang dumi-dumi niya kung kumain, parang bata. Kanina pa man ay nakaka-distract na siya. Paano ay inuulit niya ang bawat salitang Tagalog na marinig habang abala sa pagkain. Pinapaulit-ulit niya iyon hangga't walang naririnig na bago. Nakakatuwa, para bang kaya niyang mag-aral habang may ibang ginagawa. Kakaiba talaga ang pamilya nila.

"*Hyung*! *Hyung*! *Hyung*!" kinalabit niya nang kinalabit ang panganay na Moon. Hindi siya tumigil hangga't hindi ito lumilingon.

"What?" mainit na agad ang ulo ng panganay.

"*Hyung*, he says I'm cute," ani Maxrill sa kuya.

"He said you're kind of funny."

"Cute."

"Funny."

"Cute!"

"Funny." Parang mauubusan na agad ng pasensya si Maxwell. **"Just shut up and eat, Maxrill."**

Naging matunog ang pagtawa ng aking ama, bagay na hindi na namin ikinagulat dahil mahilig talaga siya sa bata. **"Yes, you are cute."**

"See?" nagmamalaking sabi ng bunsong Moon sa panganay na inirapan lang siya. **"Thank you, mister, you are so kind."** Lalo tuloy natuwa ang aking ama sa kaniya. Inalok niya nang inalok ng pagkain ang bunsong Moon. Nakakabilib ang imbakan sa tiyan nito.

"Maxpein's here," anunsyo ni Leigh na siyang nakapagpabago sa ihip ng hangin.

Pakiramdam ko ay biglang nahinto ang paligid. Pare-pareho kaming naghintay sa paglapit nito na may dalang hangin. Hindi ko namalayang nabitiwan ko ang hawak na tinidor, gumawa tuloy 'yon ng ingay sa aking plato. Nagsipagtikhiman ang mga lalaki na myembro ng aking pamilya. Mayamaya lang ay nalanghap ko na ang pamilyar nang amoy ni Maxpein na nahaluan din agad ng iba.

Tatlo silang babae nang humarap sa lahat, batid kong ang magkapatid na Marchessa 'yong dalawa. Bagaman hindi ganoon kapamilyar sa 'kin 'yong isa. Agad kong pinansin ang mga suot nila, mukhang pinaghandaan nga nila ang gabing ito. Pawang mga naka-cocktail dress sila.

Sandaling tumango si Maxpein sa tatlong Chairman na naroon, gano'n na rin sa isa pa nitong lolo. Gusto kong mapailing. Kailan ba sila magsasawa sa tanguan nilang iyon?

Saka siya seryosong tumingin sa amin. Ang inaasahan ko ay matagal na maglalapat ang paningin namin, hindi ko man 'yon napaghandaan ay kaya ko namang labanan. Bahagya tuloy akong nagtaka nang matapos niya kaming dapuan ng mata ay tumingin na siya sa iba. Gusto ko tuloy uling pag-isipan kung tama ba ang aming mga hinala.

Matapos mo kaming akyatin ay ganiyan ang magiging pakikitungo mo sa 'min? Ang inaasahan ko ay maglalaban kami nang masasamang tingin.

Pero kataka-takang nagagawa niya kaming bale-walain. You're a great actress.

"Kumain na muna kayo, Pein, mayamaya ay magsisimula na tayo,"sabi ni Leigh.

"Sige, salamat. Magpahinga ka rin," nginitian siya nito. **"Ayos lang ba kung do'n kami sa mga kaibigan namin?"** kunot-noong tanong ni Maxpein na nasa Chairman Moon ang paningin. Gusto kong matawa, wala man lang akong narinig na paggalang sa sinabi at maging sa tono niya.

"Go ahead," tumango ang senyor.

"Tawagin ninyo lang ako kapag may kailangan kayo," sabi naman ni Randall. **"How about you, guys?"**dumako siya sa likuran namin. Agad na tumuwid ang likuran ko nang maramdaman ang kamay niyang humawak sa sandalan ng silya ko. **"Do you need anything?"** bahagya niya pang iniyuko ang ulo sa 'ming dalawa ni Cargosin.

"No, thank you," pormal kong sagot.

"Ikaw, Sin?"

"Wala, ayos na ako dito, salamat."

"Kumusta na nga pala 'yang dibdib mo? Naipatingin mo na ba?"

Pare-pareho kaming natigilan nang itanong iyon ni Randall. Awtomatiko kaming nabalisa ng pamilya ko. Habang ang paghinto naman sa paglalakad ni Maxpein ay nagdulot nang makapigil-hiningang kaba at takot.

"Kailangan mong ipatingin 'yan, bro. Mukhang malaki ang sugat, eh. Napaano nga uli 'yan?" hindi nahinto sa pag-usisa si Randall.

Sa ilalim ng mesa ay hindi na mapakali ang mga daliri ko, kusang nagkutkutan ang mga 'yon. Bigla ay parang nangibabaw ang tensyon lalo na nang maramdaman ang bahagyang paglingon ni Maxpein. Kasalukuyan na silang papalayo ng mga kaibigan niya, papunta na sana sa kabilang mesa. Hindi malabong narinig niya ang sinabi ni Randall. Malakas ang boses nito at hindi sila ganoon kalayo.

Agad kong nahugot ang hininga nang manatili siyang nakatayo at nakatalikod sa 'min. Maging ang mga kaibigan niya ay napalingon sa kaniya, ipinagtaka ang agad niyang paghinto. Natusok ko ang sariling daliri habang inaabangan ang paglingon ni Maxpein sa gawi namin. Agad na nagkarambola ang mga lamang-loob ko dahil sa sobrang kaba. Pakiramdam ko ay ang paglingon ni Maxpein ang magiging hudyat ng isang matinding sagupaan sa pagitan naming lahat.

Halos mapapikit ako nang magsimulang pumihit ang ulo niya papunta sa gilid, anumang segundo ay paniguradong haharap na siya sa 'min. Pero gano'n na lang ang pagpapakawala ko ng hininga nang ituon niya ang paningin sa daan papalabas.

Ilang saglit pa ay napalingon din ako sa tinitingnan niya. Naiwang nakamaang ang mga labi ko nang bigla ay makita ko si Lovemir na naglalakad papasok. Hindi ko malaman kung bakit pakiramdam ko ay hindi ko mabasa ang kakaibang reaksyon sa mukha niya. Hindi malaman kung galit o seryoso lang talaga. At lalo pa akong napamaang nang makitang kay Maxpein siya deretsong nakatingin habang naglalakad papalapit sa gawi namin.

"Hindi ka pumasok ng mga ilang araw, ah? Ayos ka na ba?" muling nangibabaw ang tinig ni Randall, si Cargosin ang kausap. At bigla ay parang gusto kong mabaliw. Naghahalo-halo ang tensyon sa pagitan namin at hindi ko malaman kung sino at ano ang uunahin!

Natatakot ako sa posibleng maging reaksyon ni Maxpein sa sugat ni Cargosin. Nag-aalala ako na baka maging ang ibang naroon ay mag-usisa kung napaano siya. Ipinagtataka ko rin kung bakit naroon si Lovemir. At kung bakit ganoon ang kaniyang hitsura.

Damn it! Bakit kasi hindi ka nag-iingat, Cargosin!

Nakagat ko ang labi, hindi na malaman kung kanino itutuon ang atensyon. Nando'n sina Maxpein at Lovemir sa harap ko, gusto kong kwestyunin ang kanilang mga tinginan. Pero gusto ko ring saksihan ang reaksyon nina Cargosin at Christian sa tanong na 'yon ni Randall. Iniisip ko rin kung paano namin 'yon malulusutan.

"He had a minor operation." Si daddy ang sumagot, palihim akong napapikit. At nang magmulat ako ay hindi na halos magkalayo ang aking mga kilay. **"But he's okay now."** Hindi niya naitago ang pagkadismaya sa tono.

Matagal pa bago nakasagot si Randall, hindi ko makita ang reaksyon niya dahil nasa likuran pa rin namin siya. Pero mukhang nagulat siya sa sinabi ni daddy kaya hindi agad siya nakapagsalita.

"Mabuti naman at ayos ka na, Sin. Para makapasok ka na uli sa Monday," ani Randall.

"Yeah," ang tanging naisagot ni Cargosin.

Nilingon ko siya, nakatiim ang kaniyang mga bagang at deretsong nakatingin kay Christian. Minasdan ko rin si Christian, kuyom na kuyom

ang mga kamao niyang nasa ibabaw ng mesa. Dahilan para pagkunutan ko siya ng noo, agad niya naman iyong itinago.

"Mabuti...mabuti...mabuti..."'Ayun na naman ang bunsong Moon. Panay ang banggit niya niyon habang tumutuhog ng patong-patong niyang karne.**"*Hyung*, when someone asked how I'm doing, I will answer mabuti, right?"**

Nahinto ang lahat nang sa wakas ay magharap sina Lovemir at Maxpein. Maging sina Cargosin at daddy ay nangunot ang noo matapos makita ang bagong dating. Hindi ko naman maipaliwanag kung bakit bigla ay parang kumukulo ang dugo ko. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang maging ganito kalapit ang dalawang 'to.

Hindi naman ako nagseselos, 'di ba? Kaya ayaw ko silang nakikitang magkasama ay dahil hindi naman 'yon dapat. Ang dapat na sinasamahan ni Lovemir ay kami. Dapat ay sinusuyo niya kami. Hindi dapat siya sumasama sa babaeng 'yan! Dapat niyang ituon ang atensyon niya sa planong 'to kung talagang gusto niya ulit makuha ang loob ko!

"Thanks for coming," napakaganda ng ngiti ni Maxpein. Lalong kumuyom ang mga kamay ko sa ilalim ng mesa. Halos masugatan ko na ang sariling balat dahil sa sarili ko ring kuko.

"Yeah, sorry I'm late." Kataka-taka ang malalim na pagbuntong-hininga ni Lovemir habang sinasabi 'yon. At nakakaasar na hindi man lang niya kami nilingon.

"No, you're just in time," tumango-tango pa si Maxpein. **"Ah, dinner na muna tayo siguro? Mayamaya pa yata kasi 'yong seremonyas, hehe."**

"That's good. Akala ko kasi ay late na ako para sa performance natin."Mas maganda ang ngiting isinukli ni Lovemir matapos makahinga nang maluwang.

Gano'n na lang uli ang gulat ko, halos gumalaw ang buo kong katawan nang biglang lumingon si Maxpein at nasa 'min agad ang paningin. Nakita ko kung paano niyang tiningnan ang dibdib ni Cargosin bago nag-angat ng tingin kay Randall at ngumiti.

"Siya 'yong sinasabi ko na makakasama ko mamaya kapag kumanta 'ko." May bahid nang pagmamalaki sa tinig ni Maxpein. **"Lovemir Limaco."**

Tumawa si Randall. **"Ah, talaga? Kaya pala tinatanggihan mo na 'ko ngayon,"** biro nito.

"Mas nauna lang talaga 'yong offer niya."

"Pero kung may tiwala ka sa 'kin, dapat lang na lumapit ka."

"Tss," natatawang umiling si Maxpein. **"Do'n na muna kami,"**paalam niya. At hindi ko na naman inaasahang tatapunan niya pa ako ng tingin bago kami muling tinalikuran.

Damn it. Damn you!

Hindi ko maipaliwanag ang kaba ko. Tumitindi 'yon sa t'wing mapupunta sa 'min ang paningin ni Maxpein. Hindi ako ganito sa kaniya noon. Nasisiguro kong dahil lang ito sa mga lihim namin kaya nagkakaganito ako ngayon.

Hindi ako matatakot sa isang tulad mo, Maxpein.

Nagpatuloy ang lahat sa pagkain, samantalang ako ay hindi na nawala ang paningin kina Lovemir at Maxpein. Kataka-taka kasi ang kakaibang ngiti ni Lovemir sa kaniya. Hindi ko inaasahang matapos ko siyang makitang gano'n kaseryoso pagpasok, makapigil-hiningang ngiti naman ang makikita ko ngayong si Maxpein na ang kaharap niya.

Hindi ko malaman kung saan nanggagaling ang inis ko. Mukhang higit pa kasi 'yon sa mga dahilang naisip ko kanina. Nagngingitngit ang kalooban ko at parang gusto kong sugurin ang dalawa.

"Everyone! Everyone!" tinawag ni Leigh ang pansin ng lahat sa pamamagitan ng pagpapatunog ng hawak na wine glass gamit ang isang kutsarita. Iginala niya ang paningin, sinisigurong nakatingin na sa kaniya ang lahat bago nagsalita. **"Una sa lahat gusto kong mag-thank you sa lahat ng pumunta. Actually, no'ng una ay hesitant na akong ituloy 'to kasi baka naman isipin ninyo na ang arte-arte ko."** Tumawa siya, maarte ngang talaga. **"Pero naisip ko rin na ito lang kasi 'yong way na alam ko para mapasaya 'yong kapatid ko."**

Bigla ay naging emosyonal si Leigh, tumaas naman ang kilay ko. Gusto ko tuloy malaman kung ano ang alam ng mga narito kung bakit nagkaganoon si Lohr. Imposible kasing basta na lang dinala sa Amerika ang kapatid niya. Kailangang may dahilan siyang sabihin. Nasisiguro ko ring malalapit na tao talaga kay Lohr ang mga narito, maliban sa amin, syempre. Kaya imposible talagang hindi nagtanong ang mga narito sa kaniya.

Sinabi niya kaya ang totoo sa kanila? Sinabi niya kaya na nabugbog si Lohr na siya ring nag-trigger sa puso niya?

"Gusto kong kahit papaano ay mapasaya siya." Kinamot pa ni Leigh ang pisngi na animong maiiyak na, bagaman nananatili siyang nakangiti.

"Gusto kong sumama sa kaniya sa Amerika pero hindi pwede, eh. Hindi ko kasi pwedeng iwan 'yong baby ko."

"Tsk tsk, ang sabi niya ay hindi siya iiyak," sabi ni Randall na nagmadaling lumapit sa asawa. Hinapit niya sa baywang si Leigh at pinahiran ang mga luha nito. Nangibabaw naman ang nanunuksong hiyawan ng mga baklang kaibigan ni Maxpein.

"Ikaw talaga, honey. Para sa kapatid ko 'to kaya 'wag kang gumawa ng eksena," pinalo ni Leigh sa balikat ang asawa.

"Wala naman akong ginagawa, ah? Ikaw lang talaga ang kinikilig kahit sa maliliit na bagay. Yakap palang iyan, ah?" hinalikan ni Randall sa ilong ang asawa. **"Napakaiyakin mo kasi. Magiging ayos si Deib Lohr, okay?"**

"'Yon din ang parati kong pinagpe-pray," hindi na talaga maiwasan ni Leigh ang maging emosyonal. Bagaman nagagawa niyang ngumiti ay hindi niya mapigilan ang pamamasa ng mga mata niya.

Napabuntong-hininga si Randall 'tsaka niyakap ang asawa. **"He'll be fine soon,"** seryosong sabi niya.

"Ito na ba 'yong film showing na sinasabi mo, Ate Dein? Taray, ah? Live!" biglang biro ng isa sa mga bakla.

"Loko ka talaga, BJ," natatawang sabi ni Leigh matapos kumalas sa pagkakayakap sa asawa. Pinahid niya ang mga luha 'tsaka muling ngumiti. **"Actually, dalawang araw kong pinaghandaan 'to. Inipon ko pa kasi 'yong mga videos namin ni Deib Lohr mula no'ng maliit siya hanggang sa lumaki. No'ng maliit siya ay napakarami niyang videos and pictures. Gano'n kasi si mommy, eh, lalo na kay Deib Lohr."**

Habang nagsasalita si Leigh ay inasikaso naman ni Randall ang mga player. Nagulat na lang ako nang mapansing may projector pala doon. Nalaman ko na lang nang mag-flash ang picture ni Lohr sa puting tela. Ngayon ay alam ko na tuloy kung ano ang pakinabang ng telang 'yon sa stage.

Sa picture ay nandoon ang maliit na Lohr. Nakaupo sa semento at deretsong nakatingin sa camera─habang nakanganga. Nakasuot siya ng asul na shorts, asul at puti ang stripes na shirt, puti at asul din ang maliit niyang sapatos. May suot din siyang asul na asul na cap na may kulay dilaw na letrang "D" sa harap.

"Four years old siya niyan,"nakangiting sabi ni Dein. **"'Yan 'yong nagpunta kami sa Manila Zoo, at titig na titig siya sa giraffe.**

Nakakatuwa kasi hindi niya talaga inaalis 'yong paningin niya sa giraffe. Kumakain kasi ito, at kapag ngumunguya ay umaangat ang ulo. Habang nakababa ang ulo nito at sumusubo ng pagkain, titig na titig si Deib Lohr. Kapag naman umaangat na ang ulo ng giraffe ay doon na siya napapanganga. Para bang hindi siya makapaniwala na gano'n kahaba 'yong leeg no'ng hayop at umaabot sa napakataas na puno."

Nilingon ko ang lahat. Hindi kapani-paniwalang nakangiti pare-pareho ang lahat habang nakatingin sa picture na 'yon ni Lohr. Maiintindihan ko kung nakangiti ang lahat ng bisita. Pero hindi ko inaasahang maging sina Cargosin at Christian ay mga nakangiti. Hindi man ngiting-ngiti ay meron pa ring kaunting ngiti. Hindi na ako nagtataka kung bakit nakangiti ang daddy, mahilig talaga siya sa bata.

Mayamaya pa ay inilipat ni Leigh ang picture, doon ko hindi naiwasang mapangiti. Paano kasi ay picture iyon ng maliit na Lohr na sobra na ang pagkakanganga. Parang gulat na gulat dahil nanlalaki ang mga mata at nakaturo sa kung saan.

Natawa si Leigh bago tumingin sa lahat. **"Ito 'yong picture niya matapos makakita ng peacock."**

Umiling-iling si Leigh habang sinusubukan ang sariling pigilan ang pagtawa. Hindi niya kasi magawang makapagpatuloy dahil natatawa siya.

"Mas nakakatawa pa kasi matapos niyang ngumanga nang ganiyan ay umubo-ubo siya. Siguro nanuyo 'yong lalamunan niya. Hahaha. Tapos ngumanga uli siya, gano'n na gano'n pa rin. Amazed na amazed siya sa peacock. Talagang ayaw niyang kumurap, kung kumurap man siya ay mas malaki na 'yong pagdilat niya sa susunod. Mas malaki na rin ang pagnganga niya, hahaha. Ewan ko ba kung saan nagmana ng kanganganga ang batang 'yan." Natawa rin ang lahat sa kaniya. Maging ako ay nagpigil lang ng tawa.

Muling napalitan ang picture. Nakangiti naman doon si Deib Lohr. Nakatayo at magkakrus ang dalawang paa, nakataas ang parehong kamay. At animong tumutulay sa kalsadang dinaraanan niya. Sa likuran niya ay matatanaw ang Eiffel Tower. Napakaganda ng kuha dahil bagaman hindi siya nakatingin sa camera ay napakaganda ng ngiti niya.

Pero nang pakatitigan ko ang larawan ay agad akong natigilan. Hindi ko kasi agad napansin ang ibon na nasa unahan ni Lohr. Hindi agad 'yong makikita kasi halos kakulay nito ang sementong nilalakaran ng bata.

Nakakatuwa ngang talaga dahil nakabuka ang mga pakpak nito at para silang magsasalubong ng yakap ng batang Lohr.

"Si daddy ang kumuha niyan,"panimula ni Leigh. **"Ang galing, 'di ba? Ang sabi ni daddy ay hindi raw nila alam na may ibon diyan. Akala nila ay naglalaro lang si Deib Lohr. Pero no'ng makita nila 'yong ibon ay 'tsaka siya nagmadaling kunan sila."**

Mayamaya pa ay napalitan uli ang picture. Umiiyak na Lohr naman 'yon. Maliit pa rin pero mas malaki na kompara sa mga nauna. Parang aping-api. Napakahaba ng nguso at malinaw na malinaw ang papatak palang na luha. Hindi ko maintindihan kung bakit kahit gano'n ay nakakatuwa siyang tingnan.

Matagal na tinitigan ni Leigh ang picture. Tumingin ang lahat sa kaniya nang humarap siya sa 'min. Sandali siyang ngumiti at ilang saglit lang ay lumamlam na ang mga mata niya. Parang maiiyak na naman.

"'Yan 'yong araw na hindi mahinto sa pag-iyak si Deib," pilit ang ngiting panimula uli ni Leigh. **"'Yan 'yong akala namin ay may kabag lang siya o nabati raw sabi ng mga matatanda. Ang ginawa ni mommy ay pinalawayan siya sa kung sino-sino, pero hindi nawala, eh. Buong araw siyang iyak nang iyak at humihinto lang kapag nakakatulog sa pagod. Alalang-alala kami no'n. Sa murang edad ko natatakot na ako kasi baka kung ano ang nangyayari sa kapatid ko. Akala ko no'n, palibhasa nga ay bata pa, may nakikita siyang monster na gusto siyang kunin. Tinatabihan ko siya parati nang araw na 'yan pero hindi talaga siya tumatahan sa pag-iyak."**

Muling napalitan ang picture. Mukhang kuha rin 'yon sa kaparehong araw nang naunang picture. Umiiyak pa rin si Lohr do'n at mukhang mas malala na. Pulang-pula na ang mukha niya at nangingitim na ang labi.

Napatitig ako kay Leigh, emosyonal na siyang talaga. Hindi na maipinta ang mukha. Parang lungkot na lungkot at talagang maiiyak na.

"Madaling araw no'n nang dalhin namin si Deib sa hospital. Kaming apat lang no'n nina mommy't daddy kasi wala kaming kasama. No'ng una ang sabi sa 'kin ni daddy ay nilalagnat lang daw si Deib. Pero no'ng magsimulang umiyak si mommy ay naisip kong higit pa sa lagnat ang meron siya. 'Yan 'yong araw na na-diagnose siyang may sakit sa puso." Nagbaba ng tingin si Leigh, hindi na niya napigilan ang umiyak. Pinahid niya ang mga luha at saka pinindot ang hawak na remote, 'tsaka naupo.

Mayamaya lang ay nag-flash na sa screen ang video ni Lohr. Sa tingin ko ay nasa sampu na ang edad niya ro'n. Nakaupo siya sa sementong upuan, mukhang sa park iyon. Ang nagre-record ng video ay panay lang ang pagkuha sa kaniya bagaman nasa malayo ang kaniyang tingin. Nang mabagot si Lohr ay 'tsaka siya ngumuso sa kumukuha ng video.

"***Stop it, mom,***" sabi ni Lohr. Hindi ko naiwasang mapangiti, ganoong-ganoon pa rin kasi ang hitsura niya hanggang ngayon.

Madidinig sa video ang bungisngis ng ginang at saka iniharap sa sarili ang camera. "***My baby wants to play basketball,***" nakanguso niyang sabi. "***Pero hindi pwede,***" pabulong niyang dagdag 'tsaka pinutol ang video.

Ang sumunod na video naman ay birthday ni Lohr kung saan masayang kumakanta ng birthday song ang lahat. Matapos mag-blow ng candle ni Lohr ay inakay na siya ng mommy niya papunta sa sala. Huminto sila sa harap ng round table kung saan nakapatong ang iba't ibang klase ng laruan na mukhang mga bago.

"***Look at my son's birthday presents! You got a lot of present this year, son!***" nasisiguro kong daddy ni Lohr ang kumukuha ng video.

Inisa-isa nitong kuhanan ang mga regalo na tuwang-tuwang tinitingnan ni Lohr. "***Tobi! Tobi! Come here!***" tawag ni Lohr sa kaibigan na agad naman lumapit. "***Look at this one.***"

"***Woah! That's Lee Roi!***" sagot ni Tob habang nakaturo sa laruang Superman. "***Lee! Look at Deib Lohr's stuff!***"

Mayamaya ay lumapit ang isa pa nilang kaibigan. "***Why your gifts are not wrapped, Deib? Even my mom told me not to wrap my gift for you,***"tanong ni Lee. Nag-angat naman ng tingin ang may kaarawan sa kaniyang ina.

"***So he can see his gifts na, hindi na siya masyadong mae-excite. Hindi kasi pwedeng ma-surprise si Deib Lohr, anak,***" sabi ng mommy ni Lohr. "***Hindi pwede 'yon sa health niya.***"

Napapabuntong-hininga akong tumingin kay Lohr. Walang mababasang reaksyon sa mukha niya pero ang saya ay naroon sa kaniyang mga mata. Mahahalata rin 'yon dahil mabilis niyang kinukuha ang mga laruan at isa-isa uling titingnan. Kahanga-hanga lang na sa ganoong edad ay alam niya na kung paanong lilimitahan ang sarili niyang emosyon.

"**Oh, dear God! Jesus!**" nagulat ang lahat nang mag-react si Tob sa sumunod na video. Nagtaka naman ang karamihan nang magtatawa bigla si Lee. "**That's us, Lee!**"

Sa sumunod na video ay makikita si Lohr na nakaupo sa silya, nakayuko sa mga tuhod at nakapangalumbabang nakatingin sa mga kaibigang niyang nakahiga sa stretcher. Ang mga magulang ni Lohr ay parehong nakatayo sa harap nina Lee at Tob. At dahil sa postura ng dalawang bata ay mukhang alam ko na kung ano ang mangyayari. Tutuliin sila.

"***Tita, bakit si Deib Lohr ay hindi dito?***" wala pa man ay parang maiiyak na si Tob. Gusto kong matawa dahil gumagaralgal ang boses niya, nagga-gloves pa lang naman ang mag-asawa.

"***Tuli na siya, anak, baby palang, hihihi*!"** nag-peace sign pa si Lacey. Doon ko na hindi napigilang matawa. Hindi lang ako, ang lahat nang nando'n ay natawa sa kanila. "***Hi, baby*!"**kumaway siya sa anak na nakanguso lang habang nakatingin sa kanila. "***Do you want to show them your tutut, baby?***"

"***Mom!***" galit na singhal ni Lohr.

Talagang nangibabaw ang matinding tawanan nang sandaling 'yon. Maging kami ng pamilya ko ay hindi rin iyon napigilan. Nilingon ko si Cargosin, napapailing siya sa pagtawa. Hindi man 'yon kasing-bigay na bigay gaya ng sa iba, nakakapanibago lang na natatawa siya dahil sa kaaway. Walang bahid ng pagiging sarkastiko, normal na normal iyon. Maging si Christian ay napangisi 'tsaka umiling. Lalo na si daddy na napahawak pa sa tiyan habang tumatawa.

Tuloy ay nalinlang na naman ng pamilya ko ang lahat nang naroon. Bagaman totoong natutuwa talaga kami.

Iginala ko ang paningin sa mga kaibigan nina Maxpein at Lohr. Mababakas sa mata ng mga ito ang saya bagaman naro'n din ang pananabik at pag-aalala sa kaibigan nila. Hindi talaga nila inaalis kanina pa ang paningin sa videos at pictures ni Lohr.

Hanggang sa dumako ang paningin ko kay Lovemir na talaga namang kapansin-pansin. Nasa harap niya ang pinapanood ng lahat pero ang atensyon niya ay nasa katabi.

Bigla ay hindi ko malaman kung anong upo ang gagawin ko. Pakiramdam ko ay umusbong bigla ang inis sa utak ko. May kung ano ring naghihimagsik sa dibdib ko. Talaga namang titig na titig siya kay Maxpein habang ito ay parang hindi siya napapansin. Masyado silang malapit sa isa't isa. Pero ang tinititigan niya ay masyadong abala sa pinanonood para mapansin siya.

Tiningnan ko si Maxpein. Hindi man bigay na bigay gaya ng iba ang pagtawa niya, nasa mga mata talaga niya ang tuwa. Mukha ngang kinikilig pa. Kakaiba ang sigla sa mga mata niya pero bigla 'yong mapapalitan ng lungkot at mayamaya ay sisigla na uli.

Dahilan para magmukhang libang na libang si Lovemir sa panonood sa kaniya. Wala na yata itong balak na alisin ang paningin sa babae. Para bang doon nakatutok ang projector at iyon ang pinapanood niya.

Acting lang ang lahat ng iyan, Lovemir, right? You're just acting, right? This is part of your plan. I know it is.

Bagaman 'yon ang sinabi ko sa isip, hindi ko pa rin maiwasang kabahan. At hindi ko makuhanan ng sagot kung bakit ko nararamdaman 'yon.

"Baka mabasag mo iyang baso,"mahinang sabi ni Cargosin dahilan para matinag ako.

Gulat akong napatingin sa kaniya. **"Huh?"**

Hindi niya ako sinagot. Sa halip ay tinapunan niya ng tingin ang kamay ko. Ni hindi ko namalayang gigil na gigil na pala iyon sa pagkakahawak sa wine glass. Hindi ko naramdaman ang mga kamay ko, basta na lang kasing naglalayag ang utak ko habang nagmamasid ang aking mga mata. Napapahiya kong binitawan ang baso 'tsaka bumuntong-hininga.

"Masyado ka naman yatang apektado sa nakikita mo?" dagdag niya sa sarkastikong tono. Sinamaan ko lang siya ng tingin. Pero nagulat ako nang makitang mas masama ang tingin niya sa 'kin. **"Baka mamaya makabuo ka diyan ng panibagong plano,"**ngumisi siya.

"Will you shut up, Cargosin?"

Hindi na siya kumibo. Sinamaan niya ako ng tingin bago itinuon uli ang mga mata sa harapan. Muli ko na ring ibinalik sa panonood ang atensyon ko. Pero sadyang inaagaw 'yon ni Lovemir dahil bago ko makita ang pinapanood ay siya muna. Kahit hindi siya mismo ang tingnan ko ay nakikita ko pa rin siya.

Napaisip tuloy ako bigla. *Hindi naman kaya sinasadya niyang gawin 'to dahil alam niyang nakatingin ako?*Bigla rin akong napangiti dahil sa aking naisip. *Posible. Posible ngang sinasadya niyang gawin 'yon kay Maxpein kasi alam niyang nakikita ko 'yon. Plano niya talaga ang pagselosin lang ako. At dahil alam ko na ang plano mo, hindi ka magtatagumpay, Lovemir.*Hindi na ako naapektuhan ng mga ginagawa niya matapos no'n.

Napuno ng tawanan at iyakan ang gabing 'yon dahil sa mga videos ni Lohr. Hindi ko na mapigilan dahil wala siyang ipinabago. Kung ano siya

noong maliit ay gano'n pa rin siya hanggang ngayon. Bata pa lang ay mukhang palanguso na siya, maliit na bagay ay nagmamaktol agad.

Ipinakita rin doon ang kuha niya noong nasa ospital sa Amerika, noong inoperahan siya ng una. Hindi ko na magawang ngumiti nang ayos habang pinapanood 'yon. Bagaman may mga sandaling nakakatuwa ang suportahan nilang magkakaibigan, nahihirapan akong ngumiti. Bagaman naghahalo ang inggit at bilib sa samahan ng kanilang pamilya, nasasaktan akong ngumiti. Hindi ko malaman kung kinakain na ba ako ng konsensya o sadyang malakas lang silang makahawa. Gayunman, hindi ako maaaring makaramdaman nang gano'n.

Tunay na emosyonal si Lohr. Parang walang sandaling hindi ko nakita ang pagiging emosyonal niya sa karamihan ng videos na pinanood namin. Hindi ko malaman kung ano ba ang cute doon at cute na cute ako sa kaniya. May video pang ipinakita na nagli-lipsync siya sa isang kanta, hindi mawala ang paningin ko sa labi niya. Naaalala ko tuloy 'yong sandaling nahalikan namin ang isa't isa. Alam kong kasalanan ko 'yon, sinadya ko talaga 'yon. Pero hindi ko inaasahang magugustuhan ko at tutugunan niya.

Napapikit ako sa alalahaning 'yon, maling-mali. Nawawala ang pagiging propesyonal ko sa bagay na ito. Nandito kami para maghiganti at hindi pwedeng matuon sa ibang bagay ang atensyon ko. Kung ano ang pakay namin, hanggang doon lang dapat ako.

Hindi pwedeng humalo ang emosyon ko sa trabaho. Masusunod ang plano kahit anong awa pa ang maramdaman ko.

MAX'S POV

"Ito na ang huling video na ipe-play ko," nakangiting sabi ni Dein matapos ang katatawanang video ni Sensui. **"At hindi ko lang kay Deib Lohr idine-dedicate ito. Kundi pati na rin sa 'yo, Pein."** Nakangiti siyang tumingin sa 'kin.

Napangiti rin ako pero hindi ko nagawang magsalita. Itinuon ko na lang ang paningin sa video at lalong napangiti nang maalala iyon.

Inter high 'yon. Nando'n ang mommy niya kaya paniguradong ito ang kumuha. Kay Sensui lang nakatutok ang video. Minsan ay napupunta 'yon kina Lee at Tob, lalo na kapag nakaka-shoot ang mga ito. Pero maya't maya ay napupunta uli 'yon kay Sensui kahit pa hindi ito nakakahulog. Nangingibabaw ang hiyawan, nanunumbalik tuloy sa alaala ko ang sandaling 'yon. Naaalala ko ang pakiramdam habang nabibingi sa malakas

na pagsigaw sa pangalan ng tatlong magkakaibigan. Lalo na kapag si Sensui ang may hawak ng bola.

Nasaksihan ko ang lahat nang iyon, hindi pa man ako tumatabi sa pamilya niya. Simula umpisa ng laban ay natatandaan ko. Kaya hindi ko inaasahang matutuwa ako sa panonood ng video. Hindi maka-shoot si Sensui, kahit anong gawin niya. Natatandaan ko pa ang mga reaksyon niya nang oras na 'yon. Halatang asar na asar siya dahil panay ang porma niya pero walang nahuhulog maski isa.

Hanggang sa mayamaya ay matigilan siya. Nasisiguro kong iyon 'yong sandaling napansin niya ako. Natatandaan ko pa rin maging ang reaksyon niya nang oras na 'yon. At natutuwa akong makita ulit iyon ngayon.

"Yieee! Naka-shoot ang baby ko matapos makita si Maxi!" nangibabaw sa video ang nanunuksong tinig ni Mrs. Enrile. Hindi ko na naman tuloy mapigilan ang mapangiti. Kinailangan ko pang kagatin ang labi ko para 'wag tumodo ang aking pagkakangisi.

"Ganda," biro ni Yaz na hinaplos pa ang pisngi ko.

"Hanep!" nanunuksong sabi naman ni Naih. **"Nakita mo ba 'yon, ha? Gano'n ang tama sa 'yo ni Sensui, Max! Gano'n na gano'n! Hanggang ngayon!"**

"Natatandaan ko 'yan, eh! Ikaw talaga ang lucky charm niya, Max!"dagdag naman ni Tob.

"Oh, 'di ba? Mashuba-shuba ka pa niyan pero ang ganda-ganda mo na!"pang-aasar naman ni Migz.

"'Yan 'yong panahon na naghahanap ako nang mabibilhan ng ganiyan mukha, friend," nang-aasar ding sabi ni BJ.

"Ang sarap balikan ng nakaraan,"sabi ni Michiko.

"Pero mas masarap balikan 'to kung nandito si Deib," sabi naman ni Lee.

Hindi ko naitago ang lungkot sa dibdib ko. Hindi ko malaman kung ano ang mararamdaman. Natutuwa akong makita ang lahat ng pictures niya. Ito na yata ang pinakamasayang gabi ko nitong mga nakaraang araw. Pakiramdam ko ay ngayon na lang uli gumaan ang dibdib ko. Ngayon na lang uli ako nakangiti nang totoo.

Talagang nawawala sa isip ko ang lahat. Ang atensyon ko ay nando'n sa pinapanood namin. At masaya talaga akong makita si Sensui mula pagkabata. Pakiramdam ko ay napakarami ko pang hindi alam sa kaniya. At habang pinapanood ko 'yon ay unti-unti ko siyang nakikilala.

'Yan ang taong mahal ko...

Ang sarap sa pakiramdam nang naisip ko. Hindi ko tuloy lalo mapigilan ang mapangiti. Lalo na nang magtuloy-tuloy ang video. Sa 'ming dalawa na lang ni Sensui umiikot 'yon dahil maya't maya kaming tinututukan ng camera ni Mrs. Enrile. Nakakatuwang tingnan na talagang binabantayan niya ang bawat kilos at reaksyon naming dalawa laban sa isa't isa. Hindi ko pwedeng itanggi na kinikilig ako. Dahil sa video na 'yon ay nakita ko kung paanong hindi makatagal ang isang Sensui nang hindi tumitingin sa 'kin.

Hindi ko alam kung tama bang maging emosyonal ako sa sandaling 'to, Sensui. Nami-miss kita. at nasasaktan ako sa t'wing maiisip kong ganiyan ang lagay mo tapos ako ay heto...nakaupo at nananabik sa 'yo. Kailangan mong gumaling. Hindi ko kaya nang wala ka sa 'kin. Sa puso ko ay paulit-ulit kong hinihiling na sana ay bumilis ang paggaling mo kahit nasa malayo ako. Ikaw ang pinakamagandang bagay na pinaghahawakan ko ngayon, Sensui. Kahit na sinaktan mo pa 'ko, kahit na malungkot ako nang dahil sa 'yo, at kahit pa galit na galit ako. Ikaw pa rin ang pinakagamagandang bagay na nangyari sa buhay ko. At 'yon ang naging dahilan ko para hindi sumuko sa 'yo, Sensui.

"You still love him." Nangibabaw ang pabulong na tinig ni Lovemir, halos makalimutan ko ang presensya niya.

Ilang beses pa akong umiling bago ko nakuha ang sinabi niya. **"No. I love him."** Tumango ako, pinaiintindi sa kaniya ang sinabi. **"At hindi 'yon nawala kahit kailan."**

Matagal siyang tumitig sa 'kin na para bang hindi inaasahan ang sagot ko. Napatitig din tuloy ako sa kaniya dahil hindi ko maiwasang magtaka. Ang mga mata niya ay para bang kinukwestyon ang mga isinagot ko. Ang lalim ng mga titig niya ay para bang inaalam kung totoo ba ang mga iyon. Kailangan nang patunay.

"Bakit?" tanong ko.

"Nothing," matamlay niyang sinabi, hindi pa rin inaalis ang paningin sa 'kin.

"Bakit ba nasasanay ka nang nakatitig sa 'kin?" hindi ko na talaga naiwasang magtanong.

Wala akong pakialam kung barahin niya ako dahil nasisiguro ko namang tama ang napapansin ko. Lagi siyang nakatitig sa 'kin, nakikita ko man o hindi.

"Napapansin kong nitong mga nakaraan ay hindi mo inaalis ang tingin mo sa 'kin. Lalo na kapag nasimulan mo nang tumingin sa 'kin, hindi na nawawala," gusto ko sanang gawing biro 'yon, ngumiti pa ako. Pero dahil sa pagiging seryoso niya at sa palalim nang palalim niyang titig ay napalunok na lang ako at gusto nang pagsisihan ang mga sinabi.

"Gusto kong manatiling nakatingin sa 'yo...hanggang sa mapansin mo 'ko." Pabulong niya 'yong sinabi, 'yong kaming dalawa lang ang makaririnig.

Natigilan ako at napatitig din sa kaniya. **"Napapansin naman kita, ah?"**

"Ang katawan ko, oo. Pero hindi ang kaluluwa."

"Wala akong third eye, paano ko 'yon makikita?" ngumisi ako. **"Hehe."**

"Tch." Nag-iwas siya ng tingin.

Ngingisi-ngisi naman akong bumaling uli sa pinapanood. Pero mayamaya lang ay naramdaman ko na naman ang mga titig niya sa 'kin. Hindi ko na lang 'yon pinansin dahil napako na naman kay Sensui ang atensyon ko.

You tell me you're in love with me, like you can't take your pretty eyes away from me.

Natinag ako nang mangibabaw ang kantang 'yon. Hindi ko inaasahang tutugtog 'yon habang isa-isang ipinapakita ang pictures ni Sensui bilang pagtatapos. Matagal-tagal na rin mula no'ng huling beses ko 'yong marinig. Pakiramdam ko tuloy ngayon ay bago 'yon at nalilibang akong pakinggan.

I wanna believe in everything that you say because it sounds so good. But if you really want me, move slow. 'Cause there's things about me you just have to know.

Hindi ko tuloy maiwasang mapangiti, naaalala ko talaga siya. Iyong ngiti kong labas na labas ang mga ngipin at talagang ang saya ay nangingibabaw sa dibdib ko.

Sometimes I run, sometimes I hide. Sometimes I'm scared of you. But all I really want is to hold you tight, treat you right. Be with you day and night. Baby, all I need is time.

"Basta tumugtog ang kantang 'yan, si Deib Lohr 'yan," sabi ni Tob, natawa sila. **"Kaya niya 'yang pakinggan buong araw nang hindi inaalis ang ngiti sa mga labi."**

"Kaya niya ring kantahin nang nakangiti," natatawang dagdag ni Lee.

"Baka nga kaya niya na ring sayawin, eh," sawsaw pa ni Tob dahilan para mas maghagalpakan sila sa pagtawa.

"Tapos sinusundan ng mga puso? Tsh," umiling nang umiling si Lee.

"Ang kaisa-isang taong kayang gawing hugis puso ang lahat ng bagay," umiling nang umiling si Tob. **"Deib Lohr Enrile."**

Hindi ko naiwasang pangilidan ng luha. **"I miss him so much,"** wala sa sarili kong nasabi.

"Paniguradong miss na miss ka na rin no'n, si Sensui yata 'yon," sabi ni Naih. **"Namimiss ko na rin ang pagtawag niya sa 'kin ng "parrot", hehehe."**

"Nakaka-miss ang panlilibre niya,"sabi ni BJ. **"Joke!"**

"Kahit si Tob ang mahal ko, I can't deny the fact na si Deib Lohr pa rin ang pinakagwapo sa campus," ani Michiko.

"Well, sad to say pero nakaka-miss ang kaisa-isang Mister Enrile na nambu-bully ng mga baguhang babae. Tapos ikaw na ang huli, 'te,"hinaplos pa ni Migz ang pisngi ko.

"No'ng huling magkita kami sa ospital, nagpupumilit akong sumama sa America pero ayaw niya." Bagaman nakangiti ay hindi naitago ni Tob ang lungkot. **"Ang sabi niya sayang naman daw 'yong pagkakataon na magkaro'n ng isang magaling na abogado ang Pilipinas kaya 'wag daw akong a-absent. Baliw."**

"Gano'n din ang sinabi niya sa 'kin," bumuntong-hininga si Lee. **"Ang totoo medyo nagtampo ako. Hindi kasi gano'n si Deib. Bukod kasi sa hindi niya agad sinabi ang sitwasyon niya, ayaw niya pa kaming isama ni Tob. Dati-rati kasi ay kami ang una niyang tinatawagan, sa 'min siya unang nagsasabi. Marami nang nagbago ngayon. Naiintindihan ko naman pero hinihiling ko na sana, tulad pa rin no'ng dati."**

"Ang sabi ko sa kaniya,"pagpapatuloy ni Tob. **"*Oo, dre! Mag-aaral ako nang mabuti! Tapos 'yang gumawa sa 'yo niyan, dadalhin ko sa korte!*"** maaksyong sabi niya habang nakatingin sa kung saan. Nagbaba siya ng tingin nang mamasa ang kaniyang mga mata. **"Kung sino man ang gumawa no'n sa bestfriend namin, dapat na magsisi. Kailangan niyang pagbayaran 'tong ginawa niya kay Deib."**

Hindi ko malaman kung bakit bigla siyang nag-angat ng tingin, papunta sa mga Rewis. Pero agad niya rin 'yong inalis at sumandal sa kinauupuan.

Sandaling katahimikan ang nangibabaw. Mararamdaman na ang lungkot ngayon. Ayaw ko ang pakiramdam na 'yon, ayaw ko ng katahimikan.

Buhay pa si Sensui kaya hindi dapat ganito kalungkot ang lahat. Tss. Sinabi ko 'yon sa isip ko pero ako mismo ay hindi 'yon magawa. Hindi ko magawang magsaya.

"Pwede na ba natin siyang tawagan?" tanong ko kay Dein nang hindi inaalis ang paningin sa picture ni Sensui na nag-standby sa projector. **"Gusto ko nang marinig ang boses niya."**

"Tatawagan na natin siya,"masayang sabi ni Dein.

Alam kong marami pa siyang gustong sabihin pero dahil sa sinabi ko ay iyon ang inuna niyang gawin. Pinanood ko siyang mag-dial sa telepono, atat na atat na akong malaman kung sinagot na ba 'yon ni Sensui. Hindi nawawala ang ngiti sa mukha ni Dein, panay rin ang tingin niya sa 'kin at saka lalong ngingiti. Nang magsalita siya ay agad akong dumeretso ng upo. Hindi niya na uli inalis ang paningin sa 'kin habang may kinakausap sa kabilang linya. Hindi na rin naalis pa ang ngiti sa mukha ko.

"Gusto kang makausap ni Pein,"nakangiting sabi ni Dein habang naglalakad na papalapit sa 'kin.

Mas lumawak pa ang pagkakangiti ko, ngayon ko lang ginawa 'yon. At hindi ko mapigilan.

"Sinabi niyang nami-miss ka na niya, *dongsaeng*. Totoo, maniwala ka sa 'kin. Okay sige," sabi niya 'tsaka iniabot ang telepono sa 'kin. **"Gusto niya raw na ikaw mismo ang magsabi sa kaniyang nami-miss mo na siya,"**mahina niyang sabi.

Hindi ko maintindihan ang pakiramdam sa dibdib nang mahawakan ko ang telepono. Para akong matatawa na hindi ko malaman. Sandali pa akong tumingin sa mga kasama ko, na kasalukuyan nang nakangiti at mukhang nag-aabang din sa 'kin, bago ko pinakinggan ang linya ni Sensui.

"Hello," sa wakas ay nasabi ko. May kung anong idinulot 'yon sa dibdib ko. Pakiramdam ko ay inaalon ang puso ko.

"Babe?" gusto kong mapapikit nang marinig ko ang boses niya. Hindi ko inaasahang habang nakangiti ako ay agad akong pangingiliran ng luha.

Agad na umalalay sa 'kin si Naih, hinaplos niya ako sa likuran. Bigla kasi ay hindi ko napigilan ang sarili kong nararamdaman. Nagtuloy-tuloy na lang ang pagluha ko nang hindi ko inaasahan. Hindi ko nagawang makapagsalita. Iyon palang ang sinasabi niya pero sobra na 'kong naging emosyonal.

"Babe?" Inulit niya pa.

"Mm?" hindi ko kinayang makapagsalita.

"Tch. Anong mm?" parang maiinis niya na namang sabi, pero kulang sa emosyon. Nasisiguro kong pinipigilan niya pa rin 'yon. *"Ano 'yong sinabi sa 'kin ng kapatid ko ngayon lang, Taguro? Sabihin mo sa 'kin. Gusto kong marinig."* Parang noon ko lang siya narinig sa ganoon kalaking tinig. Nasanay ako sa nakakainis niyang tono.

Huminga ako nang malalim 'tsaka pinahid ang namuo kong luha. Seryoso akong tumingin sa malayo.

"Anong oras na diyan?"

"'Yan ba 'yong sinabi mo sa kapatid ko?"

"Hindi."

"Eh, di hindi rin 'yan ang gusto kong itanong mo. Sabihin mo na, Taguro, gusto kong marinig."

"I miss you," muling akong naging emosyonal.

Nagsalubong ang kilay ko sa sobrang pagkakakunot ng aking noo. Hindi ko talaga malaman kung saan nanggagaling ang emosyon na 'yon. Naghahalo ang sakit at sarap ng pakiramdam. Tuloy ang luha ko ay hindi ko malaman kung lungkot o saya ba ang dahilan.

"Bakit ang tagal mong gumaling?"naiiyak ko na naman tanong. Nanatiling tahimik ang linya niya. **"Gusto na uli kitang makasama, Deib."**

"Hindi mo pa rin ako tinatawag ng babe. Mahal mo pa ba ako, Taguro?"

"Sobra."

"Alam ko," sa tono niya ay nasisiguro kong nakangiti siya. *"Mahal na mahal din kita...kahit umiiyak ka."*

Napakawalan ko ang hiningang naiipit sa lalamunan ko. Awtomatiko kong naigala ang paningin dahil umaasa akong makikita ko siya sa paligid ko. Pero hindi. Hindi ko siya nakita. Imposible. Imposibleng naroon siya ngayon. Wala siya ro'n ngayon. Magkalayo kami.

"Bakit ka umiiyak?"

"Dahil gusto na kitang makasama. Gusto kitang makita. Gusto kitang marinig. Gusto kitang mahawakan. Gusto ko lahat nang may kinalaman sa 'yo, Sensui." Sinabi ko 'yon sa mahinang paraan, habang humihikbi sa pag-iyak.

"Niyaya kita dito, 'di ba? Ayaw mong sumama."

"I can't, I have to stay here. At alam ko namang naiintindihan mo."Huminga uli ako nang malalim, huminto sa pagluha ang mga mata ko. **"Bilisan mong magpagaling, ah? Nami-miss ka na namin."**

"Bakit kasi gumawa-gawa pa kayo ng ganyan, pare-pareho lang tuloy kayong nalungkot. Tsk. Alam mong ayaw kong malungkot ka, Taguro. Pakiramdam ko tuloy ay mamamatay na 'ko."

Nangunot ang noo ko. **"'Wag ka namang magsalita ng ganyan,"** tumaas ang boses ko, napalingon tuloy ang lahat sa 'kin. **"Hindi ko gusto ang biro mo."**

"Pero hindi ako nagbibiro, Taguro. Kung alam mo lang kung ano ang nararamdaman ko."

"Deib..." Namasa na naman ang mga mata ko.

"Bakit nga ba hindi ko naisip na gawin 'to? Sana pala ay tinawagan na kita pagkarating ko palang dito. Ikaw talaga ang nagpapalakas sa katawan ko, Taguro."

Narinig ko ang pagbuntong-hininga niya, hindi ko na nagawang magsalita dahil pakiramdam ko ay pipiyok na ako.

"Hindi ko na kasi kayang tumayo. Hindi ko na kayang maupo. Nahihirapan na ako, Taguro. Ang sakit-sakit ng dibdib ko. Hindi pa 'ko maoperahan kasi may mino-monitor pa 'yong mga doktor sa katawan ko. Gusto ko nang gumaling, babe. Gusto ko nang bumalik diyan. Gusto na kitang bawiin. Gusto kong akin ka lang. Ayaw ko ng hiwalay tayo, babe."

"Sshh," nailagay ko pa ang daliri sa aking labi. Sunod-sunod akong lumunok at suminghot. Alam kong sa kabilang linya ay nagiging emosyonal na rin siya.

"Bibigyan mo 'ko ng second chance, 'di ba? Babalikan mo pa ako, 'di ba? Hindi naman nawawala 'yong pagmamahal mo sa 'kin, 'di ba?"

Hindi ko napigilang matawa nang bahagya. Gano'n talaga siya kakulit.

"Babe?"

"Oh?" Nakangiti akong umiling. Nasisiguro ko na ang kasunod niyang sasabihin.

"Hindi ka magsasawa kapag inulit ko 'yong mga tanong ko, 'di ba? 'Di ba, babe? Mahal mo ako, 'di ba? Bibigyan mo ako ng second chance kasi mahal mo ako. 'Di ba, babe, 'di ba?"

Napangiti ako, hindi ako nagkamaling uulitin niya lang ang mga sinabi. Lalo na nang maalala ko 'yong pictures at videos na nakita ko kanina. Iyon na iyon kasi siya. Si Sensui lang ang makapagsasalita at makapapangulit

nang gano'n. Siya lang ang magmumukhang cute kahit nasasaktan. Salita niya lang ang kayang humaplos sa puso kong durog.

Tumayo ako at naglakad papalayo. Tumingin ako sa mataas na punong nasa loob ng bakuran na iyon. Panay ang pagluha ng mga mata ko, kasunod no'n ay ang pagsinghot ng ilong ko. Mayamaya lang ay humihikbi na naman ako at nahihirapang huminga. Pero sinikap kong maging normal para masagot ang mga tanong niya.

"Hindi mo kailangan ng second chance," naiiyak ko na namang sabi. **"Dahil hindi nawala 'yong una mong chance. Ako ang kailangan mong balikan, Sensui. Ang gagawin ko lang ay maghintay. At maghihintay ako sa 'yo kahit kailan. Mahal na mahal kita, at ngayon ko lang nalaman kung gaano kalalim 'yong pagmamahal ko sa 'yo dahil malayo ka sa 'kin. Ngayon ka lang kasi nalayo sa 'kin, Sensui,"** sunod-sunod na pumatak ang mga luha ko.

"Nasanay ako nang ako 'yong umaalis. Ngayon ko lang naintindihan kung gaano kahirap ang maiwan. At gusto kong mag-sorry nang paulit-ulit sa 'yo dahil iniwan kita noon nang walang pasabi. At ngayon, nasasaktan ako. Natatakot ako at nag-aalala para sa sarili ko. Dahil baka pagbalik mo ay hindi na 'ko maalala niyang puso mo."

"Magtiwala ka sa 'kin gaya nang pagtitiwala ko sa 'yo, Taguro. No'ng umalis ka at matagal tayong nagkalayo, alam ko sa puso ko na babalikan mo ako. Ngayon, bibigyan kita ng kasiguraduhan, babalik ako sa isang buwan. Babalik ako at handa akong gawin ang lahat para sagutin mo uli ako." Seryosong-seryoso siya nang sabihin 'yon.

Lalong namasa ang mga mata ko. **"Salamat sa tiwala mo...kahit sinabi ko sa 'yong nabawasan ang tiwala ko."**

Sandali nangibabaw ang katahimikan. Pinatahan ko ang sarili bagaman nandoon pa rin ang paghikbi. Gusto kong malaman kung ano ang hitsura niya ngayon. Maging ang iniisip niya ay gusto ko ring alamin.

"I want to kiss you right now, babe. I wish I am kissing you instead of missing you. 'Yon lang kasi ang paraan na kaya kong gawin para maalis lahat nang inaalala mo, Taguro."

Naging matunog ang pagngiti ko. **"Kiss talaga, ah?"** biro ko. **"Bakit parang pabor na pabor naman sa 'yo 'yon?"**

"Tch! Kahit kailan ay wala sa hulog ang mga biro mo, Taguro."

"Mahal na mahal kita, Deib,"emosyonal ko na namang sabi. Pakiramdam ko nga ay puso ko mismo ang nagsabi no'n habang nakapikit.

"Alam ko, Taguro. Alam kong mahal mo 'ko. Kahit hindi mo sabihin, kahit hindi mo iparamdam, nararamdaman kong mahal mo ako. At malaki ang tiwala ko sa 'yo. Alam kong ibibigay mo uli sa 'kin ang tiwala mong naiwala ko."

"Hindi magiging mabilis pero sisikapin ko. Sisikapin ko...dahil 'yon din ang gusto ng puso ko."

Pakiramdam ko ay mugtong-mugto na ang mga mata ko. Huminto na ang pagpatak ng mga luha ko at guminhawa na rin ang pakiramdam ko. Anumang sandali alam kong maiiyak na naman ako. Noon lang yata ako naging ganoon kaemosyonal.

Bigla ay napalingon ako sa entablado nang tumugtog ang pamilyar na tono. Nakita ko si Lovemir na nakaupo na sa harap ng organ at tinutugtog ang kantang dapat kong kantahin. Gusto kong humanga, eksakto ang timing niya.

Hindi ko malaman kung bakit biglang nangibabaw sa 'kin ang hiya. Hindi ko masabi kay Sensui na kakantahan ko siya sa gano'ng sitwasyon ngayon.

"Ano 'yong tugtog na 'yon?" tanong niya, hindi malabong marinig niya 'yon kasi malakas ang sound system.

"Mm, kakantahan sana kasi kita."

"Talaga?" pinipigilan niya ang matuwa nang sobra. ***"Sige, pakikinggan ko. Excited na 'ko, Taguro."***

Napangiti ako. Ugali niya talagang sabihin kapag excited na siya.

"Dapat ay nasa mic ako, pero mas gusto kong ikaw lang ang makarinig nito. Tutal para naman 'to sa 'yo,"nakangiti kong sabi.

"Kanta ba talaga?"

"Ha?"

"Eh, bakit parang tumutula ka?"

"Tss."

"Sige, parinig ng kanta mo."

"'Wag kang tatawa, ah?"

"'Wag kang iiyak, ah?"

Hindi ko na siya sinagot. Nahugot ko na naman kasi ang hininga at inipit 'yon sa lalamunan ko. Pigilan ko man ang paghinga, hindi ko magawa. Nagiging matunog ang pag-iyak ko kahit hindi naman dapat. Hindi nga rin dapat ako umiiyak pero wala akong magawa dahil nagkukusa.

Hinayaan ko lang ang sarili ko, hanggang sa makaramdam ako ng kaunting kaginhawahan sa dibdib. Ngumiti ako 'tsaka nilingon si Lovemir.

Na hindi ko inaasahang hanggang ngayon ay nakatingin sa 'kin. Paulit-ulit niyang tinutugtog ang intro no'n at hinihintay ang hudyat ko.

"Nahihiya ako, Sensui," bigla kong nasabi.

"Pumikit ka."

Hindi ko malaman kung bakit matapos matigilan ay ginawa ko nga 'yon. Pumikit ako at hinintay na umulit ang intro ng kanta. Hanggang sa namalayan ko na lang, kumakanta na pala ako.

When I see you there I'm so aware of how lucky I am, baby.

"I love you, babe," bulong niya sa kabilang linya. Dahilan para nakangiti akong lumuha, pinipilit kumanta kahit nahihirapan pa.

Your faith in me, it pulls me through when there's nothing around to hold on to. When I fall, when I'm weak, all the strength that I need is your faith, baby, your faith in me.

Naging emosyonal ako bago matapos ang unang stanza. Bawat salita kasing gamit sa kanta ay parang patungkol sa nararamdaman ko para sa kaniya. Hindi naman gano'n kalungkot ang kanta, masaya 'yon, pero hindi ko alam kung bakit gano'n ang emosyon ko. Parang sobra-sobra at nag-uumapaw pa.

Hindi ko alam kung paanong nasasabayan ako ni Lovemir. Masyado akong malayo sa kaniya para malaman niya kung saang parte na ang aking kinakanta. Kahanga-hanga talaga ang mga kamay niya. Sa loob-loob ko ay lihim akong nagpasalamat sa kaniya.

Marahan akong nagmulat ng mga mata. Hindi ako huminto sa pagkanta kahit nakita kong nasa akin ang paningin ng lahat. Nakaramdam ako ng hiya kaya naman gaya kanina ay mas pinili ko na lang ipikit muli ang aking mga mata.

When I fall, baby...when I'm weak, baby...all the strength that I need is your faith, baby, your faith in me...Ang linyang 'yon ang pinakapaborito ko dahil 'yon mismo ang nararamdaman ko para sa 'yo, Sensui.

Gano'n na lang ang lungkot ko nang magsasalita na sana ako ngunit naputol ang linya niya. Bumagsak ang mga balikat ko at dahan-dahang tiningnan ang telepono. Napatitig ako sa screen at sinigurong wala na ang linya ni Sensui. Hindi ko maipaliwanag ang umusbong na lungkot sa dibdib ko. Gusto ko na agad na maiyak bagaman naiparinig ko nang buo sa kaniya ang kantang gustong-gusto ko.

"Putol na..." Iyon na ang pinakamalungkot na katotohanan para sa 'kin nang gabing 'yon.

Sunod-sunod ang buntong-hiningang pinakawalan ko. Bago ako lalalamya-lamyang humakbang papalapit sa mga kasama ko. Lahat sila ay mga titig na titig sa 'kin pero wala akong magawang tingnan maski isa sa kanila. Nanatili akong nakatitig sa telepono.

Ngayon lang ako nakaramdam ng kawalang pag-asa dahil sa isang tawag. Kakaiba talaga ang lungkot na nandoon sa dibdib ko, walang katumbas. Noon ko lang 'yon naramdaman kay Sensui, malayo sa naramdaman ko no'ng ako ang nasa malayo.

Naupo ako at yumuko sa mga tuhod ko. Doon ay umiyak ako na parang bata, walang pakialam kung sino ang makakita. Dati-rati ay sino-solo ko ang nararamdaman pero hindi nang oras na 'yon. Ang lungkot na nandoon sa dibdib ko ay sadyang kakaiba at hindi ko malaman ang pinaghuhugutan. Hindi ko maamin sa sarili kong natatakot ako sa posibleng kahinatnan ng operasyon ni Sensui.

Nanatili silang tahimik pero nakaalalay sa 'kin. Nararamdaman ko ang kamay ni Naih sa likuran ko, patuloy ang paghaplos. Pero alinman sa mga 'yon ay hindi pinapagaan ang nararamdaman ko. Kakaiba, sadyang kakaiba.

Nang mga sandaling gusto kong mapag-isa ay wala akong ibang ginawa kundi ang mag-isip. Tuloy ay ngayon ko lang nailalabas ang naipong luha at emosyon na pilit kong ipinagdadamot sa mga taong nakaiintindi naman sa akin.

Nahinto lang ako pag-iyak at pagiging emosyonal nang mag-ring ang cellphone, hawak ko pa rin 'yon. Napaayos agad ako ng upo at natitigilang tumitig doon. Nang hindi ko makilala ang numero ay tiningala ko si Dein. Nakangiti siyang tumango at sumenyas na sagutin ko ang tawag. Nakatitig ako sa kaniya nang pindutin iyon at ilagay sa aking tainga.

I remember so well the day that you came into my life.

Hindi ko inaasahang kakanta rin si Sensui, mabilis tuloy na nangilid ang mga luha ko. Dahil kahit na alam kong hirap na hirap siya ay pinipilit niya. Gano'n pala kahirap pigilan ng mga luha dahil may nakakakita. Pero kapag nangibabaw na ang emosyon mo, kahit anong pigil mo ay tutulo 'yon nang kusa.

You asked for my name, you had most...beautiful smile.

Mas mabagal ang pagkakanta niya kompara sa orihinal pero naiintindihan ko 'yon.

My life started to change; I wake up each day feeling alright. With you right by my side makes me feel things will work out just fine.

Huminto siya at narinig ko ang sunod-sunod niyang pag-ubo, hirap na hirap. At gustuhin ko mang pahintuin siya sa ginagawa, ayaw ko siyang mapahiya.

How did you know I needed someone like you in my life, that there was an empty space in my heart? You came at the right time in my life. I'll never forget how you brought the sun to shine in my life and took all the worries and fears that I have. I guess what I'm really trying to say it's not everyday...that someone like you comes my way. No words can express how much I...love...you...

Tumulo nang tumulo ang luha ko dahil sa naghahalong lungkot at tuwa. Lalo na nang dahil sa mga huling salitang binitiwan niya. Pero agad akong nag-alala nang magsunod-sunod na naman ang pag-ubo niya. Magsasalita na sana ako pero bigla niyang pinutol ang linya. Gusto ko tuloy mag-alala. Gusto kong puntahan siya bigla.

"Are you okay?" lumapit sa 'kin si Dein, hinagod ang likuran ko. **"He'll be fine, Pein. Okay?"**

Hindi ko nagawang sumagot. Nag-angat ako ng tingin kay Chairman Moon. Agad na sumilay ang napakagandang ngiti sa mga labi niya at tumango-tango sa akin. Paulit-ulit na gano'n, nakangiting tumatango. Sa ganoong paraan niya ako lagi inaalo.

Sandaling nangibabaw ang katahimikan sa buong lugar. Batid kong lahat sila ay mga nakatingin sa 'kin. Alam kong hindi lang ako ang umiiyak, sa babaw ng luha nina Michiko at Naih ay paniguradong nauna pa sila kaysa sa 'kin. Hindi ko magawang tingnan lahat, tutok pa rin ang paningin ko sa telepono. At aaminin kong umaasa pa rin ako na mag-iilaw 'yon at si Sensui ang maririnig ko.

"Noona..." Lumapit si Maxrill at hinaplos nang hinaplos ang buhok ko. Nang mag-angat ako ng tingin sa kaniya ay pinaputok niya ang pinalobong bubble gum sa kaniyang bibig. Mapait ang ngiting naitugon ko sa kaniya.

"Oh, come on, guys!" biglang nangibabaw ang tinig ni Eerah.

Hindi ko alam kung paanong bigla ay humupa ang lahat ng nangingibabaw na emosyon sa akin. At mabilis iyong napalitan ng galit. Nag-angat ako ng tingin sa kaniya. Naglalakad na siya papunta sa entablado at nakangiting lumapit kay Lovemir. Pinaglakbay niya ang mga kamay sa balikat ng lalaki at saka lumapit sa mikropono.

"Come on, Lovemir, hit it!" sabi niya 'tsaka nakangiting binulungan ito habang nakatakip ang kamay sa mic.

Kunot na kunot ang noo Lovemir pero parang walang nagawa kundi ang tumugtog sa maliit na piano. Dalawang beses niyang inulit ang intro, kasabay no'n ang pag-ungol ng tinig ni Eerah. Ayaw ko mang aminin pero iyon palang ang ginagawa niya ay napakaganda na ng boses niya.

"Lola mo, hindi nakatiis. Gumawa ng sariling eksena, oh," pabulong na ani BJ.

Pero wala nang nakasagot sa kaniya nang magsimulang mangibabaw ang boses ni Eerah.

You set my soul at ease chased darkness out of view. Left your desperate spell on me say you feel it too, I know you do.

"Wow..." Hindi napigilan ng lahat ang humanga. Maging ako. Napakahirap pigilan no'n dahil talagang ang galing-galing kumanta ni Eerah.

I wanna love you forever, and this is all I'm asking of you. Ten thousand lifetimes together, is that so much for you to do? 'Cause from the moment that I saw your face and felt the fire in your sweet embrace. I swear I knew, I'm gonna love you...forever.

Totoong hindi ko inaasahang gano'n kaganda ang boses niya. Sobrang ganda. Na kung hindi lang siya si Eerah ay posible pang tumayo ako at palakpakan siya.

Simula palang ay sobrang taas na. At nagagawa niya pang ngumiti sa bawat mabibigat at matitining na linya.

My mind fails to understand what my heart tells me to do. And I'd give up all I have just to be with you, and that would do. I've always been taught to win, and I never thought I'd fall. Be at the mercy of a man I've never been. Now I only want to be right where you are.

Ang kaninang mataas na tono ay mas tumaas pa. Ang paa niya ay inihakbang niya papunta sa kaliwa na para bang doon nagmumula ang mataas na timbre ng boses niya. May landi ang pagkanta niya pero lalo niyong pinagaganda ang kanta. Hindi kapani-paniwala. Pero kahit anong inis ko sa kaniya ay hindi ko maiwasang humanga. Talagang bagay sa boses niya ang kanta, mas pinagaganda niya pa nga iyon.

Inalis niya ang mic sa stand at saka hinarap si Lovemir. Pumorma na para bang mas may itataas pa ang boses niya. Habang ang lalaki naman ay umiiwas ng tingin at itinutuon ang mga mata sa kamay na patuloy namang tumitipa.

In my life I've learned that heaven never waits, no! Let's take this now before it's gone like yesterday. 'Cause when I'm with you there's nowhere else that I would ever wanna be, no! I'm breathing for the next second I can feel you, Lo—ve—mir!

"Taray," dinig ko na namang sabi ni BJ.

Hindi ko iyon inaasahan. Batid kong sinadya niyang isama ang pangalan ni Lovemir at kahanga-hanga namang katono talaga 'yon no'n. Pero hindi ko na nagawang ituon do'n ang atensyon ko. Ang boses ni Eerah ay parang gayuma na iiwan kang tulala.

Hindi ko nagawang alisin ang paningin ko sa dalawang nasa entablado. Si Eerah ay kumakanta nang bukal sa puso niya. Si Lovemir naman ay patuloy sa pag-iwas ng tingin sa kaniya. Hindi ko malaman kung ano ang iisipin. Parang ngayon ay tuluyan ko nang napagtatanto ang sinabi ni Lovemir. Base sa nakikita ko ay lingid sa kaalaman ni Eerah na idinadaan niya na sa kanta ang tunay niyang nararamdaman. Habang si Lovemir ay wala nang pakialam.

Sabay silang huminto sa pagtugtog at pagkanta. Nanatili si Eerah Anitha na nakatingin sa asawa habang ito naman ay tumayo at iniwan siya. Agad akong tumayo at naglakad papalapit sa entablado. Sasalubungin ko sana ang pagbaba ni Lovemir pero lumihis siya ng daan. Papalabas na siya.

"Lovemir!" agad ko siyang tinawag. Huminto naman siya at lumingon sa 'kin.

Hindi ko nagawang makapagsalita agad nang manatili siyang nakatitig sa 'kin. Hindi ko na naman malaman kung ano ang gagawin at sasabihin. Ako ang napapahiya dahil sa eksenang ito. Kung nalaman ko lang na gagawin iyon ni Eerah ay hindi ko na sana siya pinakiusapan pang tumugtog para sa 'kin.

Nakita ko siyang huminga nang malalim, sandaling nag-iwas ng tingin. At nang ibalik 'yon sa 'kin ay naglalakad na siya papalapit. Hindi niya pa rin inaalis sa 'kin ang mga mata, bagay na ipinag-aalala kong makita ng iba. Hanggang sa makalapit siya sa 'kin.

"I told you to stay away from me."Sinabi niya 'yon nang sobrang diin bagaman mahina.

Nangunot ang noo ko at napapailing na tumingin sa kaniya. **"I never asked for this, Lovemir. Ikaw ang kusang lumapit sa 'kin."**

"I'm doing things for you without me being aware of it. I never thought I would risk the chance of getting hurt again. Damn, Maxpein,

why do you have to be taken?" kunot na kunot ang noo at dere-deretsong sabi niya.

Napamaang ako. **"Ha?"**

Pero hindi agad siya sumagot, pinasadahan niya ng tingin ang kabuuan ko 'tsaka nasapo ang noo. **"I'm going,"**mahinang sabi niya. Muling tumitig sa 'kin ng ilang mga segundo bago nilingon ang mga nasa likuran ko. **"Thanks for tonight. I have to go,"**anunsyo niya 'tsaka muling tumingin sa 'kin bago ako tuluyang tinalikuran.

Nalilito ko siyang sinundan ng tingin. Hindi ko malaman kung paano kong ipaiintindi sa sarili iyong sinabi niya.

May gusto ba siya sa 'kin?

Hindi ako makapaniwala. Wala akong mahitang dahilan para maramdaman niya 'yon, kung totoo mang gano'n ang nararamdaman niya. Pero wala rin akong makitang dahilan para magpanggap siya.

Nang mawala sa paningin ko si Lovemir ay 'tsaka ko lang napansin si Eerah. Hindi ko na kailangang tanungin, mukhang narinig niya ang mga sinabi ni Lovemir. Base na rin sa masamang dating ng mukha niya, nanlilisik ang tingin sa 'kin.

"We're not together, but he's still mine. So back off," mariing aniya 'tsaka ako akmang tatalikuran nang hilahin ko siya sa braso.

"Bakit hindi mo naisip 'yan noong 'yong teritoryo ko ang pinasok mo?"mas mariing kong sabi.

Natigilan siya 'tsaka tumaas ang isang kilay. Ngumisi siya 'tsaka bahagyang inilapit sa 'kin ang mukha. **"You still don't get it, do you?"**humalakhak siya 'tsaka ako tuluyang iniwan.

I do...but I can't tell you. Sinabi ko 'yon sa isip habang sinusundan siya nang masamang tingin.

CARGOSIN'S POV

Tumayo ako matapos makabalik ni Eerah sa pwesto namin. Hinarap ko siya nang hindi siya makadaan papunta sa silya. Masama na ang tingin niya nang mag-angat ng tingin sa 'kin.

"Nice show," nakangiti kong sabi, 'tsaka ako sumeryoso. **"Bitch."**Ibinulong ko 'yon na mas ikinasama ng mukha niya.

"Get out of my way, Cargosin,"nagbabanta ang tinig na bulong niya.

"Subukan mong makipagbalikan sa lalaking 'yon, wala ka nang babalikan sa pamilyang 'to."

"Oh, shut up!" hindi niya napigilang magtaas ng boses dahilan para mapalingon ang daddy sa 'min. Sumama ang tingin nito dahilan para mapaupo ako at iayos ang sarili.

Huminga ako nang malalim. **"If you want to be happy again, then choose happiness. You're free to choose, Eerah, but not from its consequences."** Mapait ko 'yong sinabi, naaasar nang sobra sa kaniya.

Matagal siyang tumitig sa 'kin, mababasa ang galit sa kaniyang mga mata. **"You know what's the biggest mistake I have made in my life? It's letting people stay with me far longer than they deserve, and letting them decide for me."**

Kumuyom ang mga palad ko, gusto ko 'yong isampal sa kaniya. Pero agad kong pinigilan ang sarili dahil hindi kami pwedeng gumawa ng eksena. Bukod do'n ay nag-ring ang cellphone ko at agad no'ng naagaw ang atensyon ko. Wala akong inaasahang tawag sa oras na 'to. Hindi ko inalis ang paningin kay Eerah habang hinuhugot 'yon mula sa aking bulsa.

Bumuntong-hininga ako at tiningnan ang screen ng telepono. Tumaas pa ang isang kilay ko nang makitang hindi nakarehistro ang numero ng tumatawag.

Sino naman kaya ito? Muli akong napabuntong-hininga 'tsaka sinagot 'yon. **"Hello?"**

"*Cargosin,*" pabulong na anang nasa kabilang linya.

"Sino ito?" nanunuya kong tanong.

"*Ako ito,*" bulong nito. **"*Si Taylor*."**

Agad na nanlaki ang mga mata ko. Hindi ko nakilala ang boses niya. Napaayos ako sa pagkakaupo at nagugulat na napatitig kay Christian, na kasalukuyan na ring nakatingin sa 'kin. Hindi ko agad nagawang makapagsalita. Pakiramdam ko ay hindi ko agad nagawang makuha ang sinabi ng aking kausap. Hindi ako makapaniwala.

"*Nandito ako sa mansyon ng mga Moon, Cargosin,*" pabulong niya pang sabi.

Bumilis ang paghinga ko at kasunod no'n ay ang pagtulin ng tibok ng puso ko. Gano'n iyon naririnig ko palang ang pangalan ng mga Moon.

"Paano kang nakatawag sa akin?"

"*'Tsaka ko na ikukwento, maraming oras para riyan. Gusto kong makaalis dito. Ngayon na mismo. Habang wala sila. Magmadali ka. Nakikiusap ako sa iyo.*"

Muli akong napatitig kay Christian. Sa sandaling iyon ay nararamdaman ko na sa akin ang paningin ni Eerah. Nilingon ko siya at nagugulat na tinitigan. Kumunot ang noo niya na para bang nagtatanong kung sino ang aking kausap at bakit ganoon na lang ang reaksyon ko. Pero hindi ko maaaring sabihin iyon sa kanila ngayon.

Pinilit kong pakalmahin ang sarili, hindi agad nakisama ang aking sistema. Sunod-sunod ang naging paglunok ko habang bumubuo ng plano sa isip. Muli akong makahulugang tumitig kay Christian.

"Naririto kami ngayon sa isang handaan, kasama namin sila," bulong ko.

"Sinong kausap mo?" pabulong na tanong ni Eerah, sinenyasan ko siyang manahimik.

"*Por pavor, Cargosin, kunin mo ako rito, nakikiusap ako sa iyo.*"

"Huminahon ka, nag-iisip ako."

"*Quiero venganza*." Mariin niyang sinabi ang kagustuhang maghiganti matapos manahimik ng kaniyang linya.

Ngumisi ako. **"*Te toca a ti,*"** sabi ko na ang tinutukoy ay ang pagkakataon niyang gawin na ang paghihiganting nais. Naging makahulugan ang titig ko kay Christian. Na hanggang ngayon ay mukhang hindi iyon makuha. **"Hintayin mo kami diyan."**

"*Salamat.*" Mabilis niyang pinutol ang linya.

Agad akong napatitig sa batang Moon, kay Maxrill. Kanina ay mukhang hinahanap nila ang telepono niya. At nang dahil sa tawag ni Taylor ay mukhang alam ko na ang dahilan kung bakit hindi niya iyon makita.

Hindi ko napigilan ang ngising sumilay sa aking mga labi. Agad akong tumayo at napansin din naman agad 'yon ng aking ama. Makahulugan akong tumingin sa kaniya na ipinangunot ng kaniyang noo. Lumapit ako at yumuko sa kaniyang tainga.

"*Taylor está de vuelta,*" nakangisi kong ibinulong ang pagbabalik ni Taylor.

Nanlalaki ang mga mata ng aking ama, bahagyang nakamaang ang labi at talagang hindi makapaniwala. Mayamaya pa ay sumilay na ang nakakalokong ngiti sa kaniyang labi. Ang kaniyang mga mata ay nanlisik habang sumasama ang tingin sa kung saan.

"Pupuntahan namin siya," dagdag kong bulong. **"Kailangang manatili dito ang lahat, dad. Huwag kayong aalis dito hangga't hindi namin siya nababawi."**

"Maghihintay ako," pabulong niya ring sabi. **"Ako na ang bahala sa mga narito."**

"Where are you going?" humabol si Eerah.

Sinamaan ko agad siya ng tingin. **"Just stay here with dad. I'll tell you later."** Nilingon ko si Christian. **"Let's go."**

Nagpaalam kami sa mga Moon at Enrile, syempre. Pero hindi na namin 'yon pinatagal pa. Nagdahilan lang kami at nagmadaling umalis. Agad kong ikinuwento kay Christian ang naging usapan namin ni Taylor. At talagang wala nang paglagyan ang kaniyang pananabik. Halos paliparin niya ang sasakyan papauwi sa mansyon namin.

Kailangan naming maging maingat, hindi kami pwedeng pumunta sa mansyon ng mga Moon nang ganito ang suot. Kaya naman umuwi pa kami at nagpalit ng damit. Iyong damit na madalas naming gamitin sa t'wing may aakyatin kami.

Hindi ko naiwasang matigilan habang isinusuot ko ang itim kong jacket. Muli kasi ay naalala ko ang naging usapan namin nina Eerah. Naalala ko ang taong iyon na gumaya sa aming suot. Hanggang ngayon ay naghihinala ako kung sino iyon bagaman may hula na kami.

Ang lakas ng loob niyang gayahin kami. Kung ganoon ay talagang may ideya na siya kung sino kami? O baka naman nanghuhula pa rin siya at hinihintay kaming kumagat?

Hindi ko naiwasang mapangisi at saka muling nagmadali. Hindi kami nagdala ng kotse, iyong dalawang motor na madalas din naming gamitin ang aming dinala ni Christian. Gaya kanina ay halos paliparin namin ang mga iyon sa sobrang bilis nang pagpapatakbo.

Matanda na ang Chairman ng mga Moon, lalo na ng mga Enrile, malayo ang edad sa aking ama. At hindi malabong mabilis na silang mapagod at dalawin ng antok. Kailangang maitakas na namin si Taylor bago pa man sila magdesisyong umuwi.

Hindi naging madali para sa aming pumasok sa gate ng village. Napakaraming tanong ng security guard. Naghinala ito dahil hindi namin magawang alisin ang tabing sa aming mukha. Maging ang helmet nga ay hindi kami pumayag na hubarin. Kaya wala nang nagawa si Christian kundi ang patulugin ito.

At dahil saulo na namin ang pasikot-sikot sa buong village, doon kami sa kabilang dulo ng kantong iyon dumaan. Kung saan ang labas namin ay iyong mismong kanto na ng mansyon ng mga Moon. Sinadya namin

iparada ang mga motor sa madilim na bahagi ng kanto. Magkakalayo ang mga bahay kaya naman nasisiguro kong walang makakakita sa amin doon.

Tahimik ang kabuuan ng bahay, iilan lang ang ilaw na nakabukas. Pero hindi gaya nitong village, hindi namin saulo ni Christian ang kabuuan ng bahay. Matagal na naming minamatyagan iyon pero hindi namin magawang pasukin dahil parating napakaraming tao. Napakaraming bantay. Gwardiyado.

"Doon ka, dito ako," utos ni Christian, agad akong tumango.

Sa ganitong mga bagay ay hinahayaan ko siyang magdesisyon. Hindi hamak na mas matinik kompara sa akin si Christian at aminado ako ro'n. At hindi ito ang oras para makipagtalo, mas kailangan naming magkasundo.

Pareho kaming tumutulay sa dilim para hindi makita maski ang anino namin. Sabay naming sinipat ang kabuuan ng bakuran at walang makikitang tao maski isa. Nasisiguro kong walang tao sa loob dahil walang ingay na maririnig mula ro'n. Wala ring gumagalaw kaya naman paniguradong makukuha talaga namin si Taylor.

Mula sa tinataguan ay tumingin ako kay Christian. Agad siyang tumango na naging hudyat ng aming pagkilos. Pareho kaming sa likurang bahagi ng bakuran dumaan, iyong madilim talagang parte. Iyong natatabingan ng mga halaman at puno. Iyong hindi agad makikita kahit may dumaan pa.

Tahimik kaming nakaakyat sa mataas na bakod, mas naging tahimik ang aming pagbaba. Mula sa dulo ay muli kong tinanaw si Christian, muli rin kaming nagtanguan at saka nagsimulang kumilos. Naging maingat kaming pareho, panay ang paglingon bago gumawa ng kilos. Naghahanap kami ng tao pero mukhang maswerte kami sa oras na ito.

Sa likurang bahagi ng bahay kami dumaan at hindi ko inaasahan kung gaano kalawak ang parte ng lupain nila ro'n. Isang napakalaking swimming pool ang nakaagaw sa aking pansin at ang magandang pagkakadisenyo ng bahay. Marami ring puno at halaman at sinuman ay hindi iisiping may ganoong kagandang parte sa bakuran.

Bagaman madilim ay hindi kami nahirapang magkakitaan ni Christian. Salamat sa munting ilaw na nagmumula sa posteng nasa labas ng bakuran. Nang magkatanguan kaming muli ni Christian ay 'tsaka kami paatras na lumapit sa may patio. Maging ang patio ay malawak, may fish pond pa nga bukod sa mamahaling sofa set.

Agad naming tinunton ni Christian ang pintuan, agad ding napagtantong naka-lock iyon. Kaya naman inilabas agad niya ang mga gamit habang ako

naman ay nagmamatyag sa paligid. Dahil bihasa sa pagbubukas ng pinto si Christian, hindi nagtagal ay nakapasok kami.

Hindi na ganoon kadilim sa loob ng bahay, puti at krema kasi ang karamihan sa haligi. Kung sa ibang bahay ay sa kusina ang daan papunta sa likurang bakuran, dito sa mansyon ng mga Moon ay bilyaran. May malaking billiard table sa gitna, apat na dart board sa magkabilang dingding at apat na arcade machine. Kakatwang game room iyon pero nakapalibot din doon ang estante ng mga libro. May bar island bago lumiko sa kanto ng espasyong 'yon at doon kami dumaan.

Nang makita ko ang sala ay doon ko napagtanto kung paanong magiging mahirap para sa amin ni Christian na hanapin dito si Taylor. Napakalaki ng mansyon ng mga Moon! Sa tingin ko nga ay kailangan kong lagyan ng palatandaan ang bawat dinaraanan namin upang hindi kami maligaw at magawa pang bumalik.

"Saan tayo magsisimula? Napakalaki ng lugar na ito," sabi ko kay Christian.

"Huwag kang maingay, baka may makarinig sa atin."

"Wala akong nakikitang tao, Christian."

"Paano ka nakasisigurong walang tao rito, Cargosin?" kunot na kunot ang noo niya, halatang naiinis.

Nag-iwas na lang ako ng tingin at saka bumuntong-hininga. **"Doon ka,"**itinuro ko sa kaniya ang kabilang dulo ng bahay, iyong nasa kaliwa. **"Dito ako,"** pabulong kong sabi matapos ituro ang kanan.

Muli kaming nagtanguan bago kumilos. Nilingon ko pa si Christian bago magpatuloy sa paglalakad.

Hindi kapani-paniwala ang sala ng mansyon. Hindi ko inaasahang magagawa ko pang humanga sa ganitong sitwasyon. Hindi ko akalaing iyong malawak na nakita ko kanina ay may mas ilalawak pa pala.

Ang sala ay halos kabuuan na ng buong ground floor ng aming bahay. May napakalaking carpet sa kabuuan no'n na kulay krema. Sa pinakagitna ay may panibagong pulang carpet na siyang kinalulugaran ng mga sofa. Ang chandilier ay lima, apat na nakapalibot sa pinakamalaking siyang nasa gitna. Ang mga appliances nila ay nakapaloob sa cabinet na may pinto. Nagawa kong makita ang mga iyon dahil hindi maayos ang pagkakasara ng sliding doors ng mga ito. At gaya kanina ay nagkalat na naman ang estante ng mga libro. Na para bang mamamatay kung hindi makapagbabasa ang mga nakatira rito.

Kakatwang may gawa sa batong chimeneya. Sa ganitong panahon ng bansang ito ay hindi ko inaasahang meron sila no'n. Sa ibabaw no'n ay isang napakalaking painting ng buo nilang pamilya. Gusto kong matigilan para mapatitig doon pero mas pinili kong magpatuloy na lang.

Tumuloy ako sa madilim na pasilyo papunta sa dulong bahagi ng sala. Hanggang sa matunton ko ang malaking pinto. Naka-lock iyon kaya naman agad akong lumuhod at pinagtyagaang sungkitin ang kalawit ng lock. Pero hindi ako nagtagumpay kaya naman napapagod akong tumayo at nagpatuloy sa itaas ng mansyon.

Pakiramdam ko ay maliligaw na naman ako. Sanay ako sa bahay namin na isang deretso lang ang pasilyo, nasa gitna ang hagdanan. Pero sa mansyon na ito ay palawak yata ang lahat ng parte. Parang panibagong bahay ang nakikita ko sa itaas dahil sa sobrang laki.

Iginala ko ang aking paningin at hindi malaman kung aling pinto ang aking uunahin. Dumako ako sa unang pinto na siya ring unang dinapuan ng mga mata ko. Maswerteng hindi naka-lock iyon kaya nagawa kong tumuloy. Puting-puti ang lahat ng haligi kaya naman kahit walang ilaw ay nagagawa kong makita ang loob.

Gusto kong matawa, nasisiguro kong si Maxwell ang nagmamay-ari ng kwartong iyon. *Sobrang linis! Hindi na talaga ako magtataka kapag nalaman kong bading ka.*

Binuksan ko ang mga cabinet niya na gawa rin sa sliding doors. Gusto ko na namang matawa nang makita kung gaano kaayos ang mga damit niya. Magkakasama ang magkakakulay. At ang karamihan ay mga nakasampay. Iba ang cabinet ng shirts, shorts, pants, polo, suit, lahat! May cabinet din para sa mga sapatos niya. Nakakabilib ang revolving drawer ng mga tie. Imposible namang magkasya sa mga cabinet si Taylor kaya hindi ko na hinalughog pa. Ang nakatawag ng pansin ko ay iyong puti at parihabang mesa. May ilaw ang gilid niyon at nang tingnan ko ay tumambad sa 'kin ang mga relos. Kahanga-hangang collector's item ang mga iyon. Maging ang banyo ay pinasok ko at dahil hindi naman gano'n kalaki iyon ay lumabas na rin ako.

"Ah!" narinig ko ang mahinang pagsambit ni Christian nang maisara ko ang pinto ng kwarto.

Agad na kumalabog sa kaba ang dibdib ko at saka ako nagmadaling bumaba. Naging maingat na lang uli ako nang makarating sa sala. Agad kong inilabas ang baril ko at maingat iyong itinutok sa daraanan. Hindi ko

malaman kung paano iyong nangyari pero mas madilim na ang ibaba kompara kanina. Bahagyang nakababa ang aking katawan at dahan-dahang naglalakad. Wala akong makitang gumagalaw.

"*Hermano*?" pasinghal kong bulong pero walang sumasagot sa akin. **"*Hermano*? *Dònde estás*—"** Ngunit hindi ko na nagawang tapusin ang paghahanap nang matinag ako sa dalawang magkasunod na tapik sa balikat ko.

Nahugot ko ang hininga at napigil 'yon sa aking lalamunan. Hinigpitan ko ang pagkakakapit sa hawak na baril 'tsaka ko ako bumaling sa likuran upang muli lamang magulat! Hindi ko man lang nagawang makita kung gaano kabilis na naagaw sa 'kin ang baril ng aking kaharap at deretso iyong itutok sa akin!

Agad na nagkarambola sa kaba ang dibdib ko nang makita ko ang walang malay na si Christian na bitbit nito sa isang kamay na animong basura. Hindi ko na rin nagawa pang makapagsalita nang biglang umangat ang paa niya. At bago pa man ako makakilos ay humampas na iyon sa aking mukha! Hindi kapani-paniwala ang bilis niya!

Damn it! We're dead!

Agad akong bumawi matapos ang malakas na sipang iyon. Nasisiguro ko sa sarili kong hindi na kami makagagawa pa ng anumang hakbang para makuha si Taylor. Dahil magiging mahirap para sa 'kin na makatakas sa babaeng ito na nasa harapan ko. Hindi ko ito nakikilala pero nasisiguro kong nakita ko na siya. At gano'n na nga lang ang gulat ko nang maalala ko kung saan ko siya unang nakita.

Siya 'yong bumaril kay Taylor!

Agad na nag-init ang ulo ko. Mula sa aking likuran ay inilabas ko ang dalawang tanto at agad siyang sinugod! Pabato niyang binitiwan si Christian, hindi kapani-paniwalang bahagya pa itong humagis, at saka niya isinangga ang kamay sa mabilis kong pag-atake.

Sunod-sunod ang matunog na pagdaing ko habang magkakasunod din ang pag-atake sa kaniya. Hindi kapani-paniwalang isang kamay at isang paa lang ang gamit niya! Wala siyang ginagawa kundi ang umatras ngunit nagagawa pa ring labanan ang aking mga pag-atake. Kinakabahan ako na sa oras na siya naman ang sumugod ay wala akong magawa. Paniguradong wala akong laban sa isang ito.

Kailangan kong mag-isip! Kailangan naming makatakas dito!

Ngunit gano'n na lang ang pagkabigla ko nang hilahin niya ang kaliwang kamay ko dahilan para mapaikot ako papunta sa kaniyang harapan. At mula ro'n ay bigla niya akong dinagukan at tumama iyon sa batok ko. Napatimbawang ako papalapit kay Christian, tumalsik ang mga tanto ko sa kung saan. Mabilis akong gumapang. Nagawa kong pisilin ang likuran ng paa ni Christian.

Gaya ng inaasahan ko ay nagising si Christian, sandaling inalog-alog ang kaniyang ulo 'tsaka nagmamadaling tumayo. Pero mukhang hindi man lang natinag ang aming kaharap. Deretso siyang nakatingin sa 'min. Walang mababasang anumang takot sa kaniyang mukha. Nagulat na lamang kaming pareho nang isilid niya sa kaniyang likuran ang baril ko at pumostura na para bang nag-aabang sa pag-atake naming pareho.

Pinag-init ng mayabang niyang dating ang ulo ko. Kaya naman halos mapasigaw ako sa pagtakbo papasugod! Agad niyang isinangga ang magkabilang kamay, no efforts, pakrus sa magkabila ko ring kamay. Agad na umatake sa likuran si Christian at hinawakan siya sa magkabilang paa. Dahilan para mapaangat siya at mapahiga sa aming gitna.

Ngunit hindi kapani-paniwala kung paano niya nagawang iikot ang sarili sa ganoong posisyon. At ginawaran nang napakalakas na sipa sa mukha si Christian. Tumalon siya at ibinanda ang kaliwang paa sa dibdib ni Christian upang mapatumba ito. At bago lumapag sa ere ay tumama sa pisngi ko ang kanan niyang paa!

Damn it!

Bago pa man ako patalikod na matumba ay nagawa niya nang hilahin ang kwelyo ng jacket ko. Pwersahan niya akong inilapit sa kaniya. At sa pagkakataong iyon ay sinalubong ng tiyan ko ang tuhod niya!

Napasigaw ako sa sobrang sakit. Napaatras ako at sinikap na ibalanse ang katawan upang huwag matumba.

Mula sa kaniyang likuran ay muling sumugod si Christian ngunit hindi nito inaasahan ang pagyuko ng babae. Dahilan upang muli itong matagumpay na hawakan ang leeg niya. Mula sa likuran ay binuhat nito ang buong bigat ni Christian at hindi kapani-paniwalang inihambalos ito sa sahig nang walang kahirap-hirap!

Fuck... Maging sa isip ay nanginginig ko iyong sinabi! Hindi ako makapaniwala sa aking nakikita. *Kailangan naming makatakas...ngayon din!*

"*Vamos*!" nanggagalaiti kong niyaya si Christian na umalis nang tulungan ko siyang makatayo.

Nasa babaeng 'yon ang baril ko. At sa huling pagkakantanda ko ay masyado siyang asintado, kaya nga narito ngayon si Taylor. At iyon ang dahilan para hindi na ako sumubok pang lumaban. Ngunit nahihirapan akong mag-isip. Kung ngayon palang ay nahihirapan na kaming lumaban ay nasisiguro kong mas magiging mahirap para sa 'min ang tumakas.

Sunod-sunod ang naging paglunok ko, hindi inaalis ang paningin sa babaeng 'yon habang ang kamay ko ay nakahawak sa masakit ko pa ring tiyan. Naghanap ang mga mata ko ng bagay na pwedeng magamit ngunit wala akong makita. Pasimple kong tiningnan ang mga tanto ko na nasa likuran niya. Kailangan kong makagawa ng paraan para makuha maski isa sa mga iyon.

Nagkatinginan kami ni Christian at nagkatanguan. Kasunod no'n ay pinaggitnaan namin ang babae, umikot-ikot naman ito sa kinatatayuan. Hindi ko alam kung bakit hindi niya ginagamit ang baril ko, pero palihim kong hinihiling na sana nga ay 'wag na nga niyang gamitin pa iyon.

Palihim na naman kaming nagkatinginan ni Christian at saka kami sabay na sumugod. Ngunit sadyang hindi kapani-paniwala kung paano nito nagawang tyempuhan ang paglapit ko! Dahil sa balikat ko mismo siya pumatong at matagumpay na naipit ang ulo ni Christian sa magkabila niyang hita! Ang sumunod nangyari ay sumuntok ang magkabilang kamao niya sa aking dibdib dahilan para sabay kaming tumilapon ni Christian!

Hindi kapani-paniwala, sobrang bilis niya! Ang lahat ay nangyayari sa pagitan ng segundo lamang. Kung paano niyang nagagawa 'yon ay hindi ko alam. Pero ito pa lang ay pareho na kaming nahihirapan. Habol namin ni Christian ang hininga. Hawak ko ang kumikirot kong dibdib habang siya naman ay hawak ang leeg. Hindi ko napagtagumpayang lumapit sa tanto dahil nananatili iyong malayo at nasa gawing likuran ng babae.

"Bibigyan ko kayo ng pagkakataong tumakas," bigla ay sinabi ng babae. Imposible pero nabuhay ang pag-asa sa dibdib ko. **"Nasisiguro kong hindi ninyo napaghandaan ang presensya ko kaya sa susunod na tayo magtutuos."**Tinalikuran niya kami at pinulot ang dalawang tanto ko.

Tiningnan niya iyong pareho at saka walang ano-ano ay ibinato ang mga iyon sa amin! Habol-habol ko ang hininga matapos kong mabilis na umiwas. Nangangatal ang labi ko habang nag-aangat ng tingin sa tanto

kong tumarak sa dingding. Isang malapit na malapit sa 'kin at isang malapit na malapit kay Christian.

Mabilis ko iyong hinugot. At akmang susugod na nang hugutin ng babae ang baril mula sa kaniyang likuran at itutok muli iyon sa amin! Napaayos ako sa pagkakatayo at halos maisuko ang aking mga kamay.

"Isang maling kilos, isa sa inyo ang mamamatay," aniya, walang emosyon. Napaatras kaming pareho ni Christian. **"Makakatakas kayo dito, bibigyan ko kayo ng sampung segundo. Kapag hindi ninyo iyon nagawa, makikilamay ako."**

Mayabang niya iyong sinabi 'tsaka inalis sa pagkakakasa ang baril. Gamit ang isang kamay ay inalis niya ang magasin at isa-isang pinitik bala para matanggal ang mga iyon doon.

"Isa!" Nagsimula siyang bumilang nang hindi inaasahan 'tsaka bumaba at padulas na ibinato pabalik sa 'kin ang baril. **"Dalawa!"**

Holy—ah! Hinawakan ko sa braso si Christian at hinila siya papalabas sa bahay na 'yon!

OceanofPDF.com

CHAPTER 207

CARGOSIN'S POV

OH, SHIT!

Gano'n na lang ang gulat ko nang hindi pa man kami tuluyang nakalalayo ni Christian sa lugar na 'yon ay natanaw na namin ang ilaw mula sa paparating na sasakyan. Nasisiguro kong pag-aari ng mga Moon iyon. At nakapatay man ang mga ilaw namin ay nasisiguro kong makikita rin kami ng mga ito.

Ngunit hindi ko malaman kung ano ang gagawin. Walang ibang daan bukod sa isang ito. Wala rin kaming pagkukublihan. Dahil bukod sa iisa lang ang sasakyang nakaparada, hindi malabong nakita na rin nila kami.

Nilingon ko si Christian, bumagal din ang pagtakbo niyang gaya ko. Nilingon niya ako. Pero parehong nakasuot ang mga helmet namin kaya hindi kami magkakakitaan. Tinanguan ko lang siya na agad niya ring sinagot.

Iyon na yata ang pinakamahabang daan na nadaanan ko. Pakiramdam ko ay noon lang ako dumaan sa lugar na delikado. Dahil kasalubong ko ang mga delubyo.

Ilang metro pa ang layo nang bilisan ko ang pagtakbo! Ngunit gano'n na lang uli ang gulat ko nang huminto ang nasa unahang sasakyan. At bago ko pa magawang makapag-isip ay lumabas na mula ro'n si Maxpein! Nanlaki ang mga mata ko nang bigla ay tumakbo siya at tumalon! Itinapak niya ang paa sa nakahimpil na sasakyan matapos no'n. At namalayan ko na lang ang paa niyang papasalubong sa mukha ko. At huli na para magawa ko pang umiwas.

Aksidente kong naikambyo papunta sa kaliwa ang manibela. Dahilan para dumausdos ako papatagilid. Sa takot ko ay dali-dali kong itinayo ang motor. Ngunit muli akong nagulat nang daklutin niya ako sa kwelyo. Sinalubong ko ang magkakasunod at malalakas niyang suntok! Nang hindi makontento ay sunod-sunod niya rin akong siniko! At ang paghuli ay pwersahan niyang iniyuko ang ulo ko sabay dagok sa aking likod! Pero

hindi pa ro'n natapos iyon dahil nang umangat muli ang ulo ko ay sinalubong niya ang dibdib ko ng kaniyang tuhod.

Humangos ako, sobrang bilis ng aking paghinga at wala akong nagawa kundi ang nakayukong humarap sa kaniya. Hindi pa man nakababawi ang aking katawan mula sa babaeng nakaharap namin sa mansyon ay heto na naman. Nanghihina na ako at unti-unti nang nauubos ang natitira kong lakas. Ang kirot sa dibdib ko ay mas tumindi at mas pinatitindi pa ng kaba na aking nararamdaman.

Mierda! Ano ba ang meron sa kaniya at tila nalalaman niyang kami ito? Puñeta!

Narinig ko ang maingay na paglapit ni Christian, halos talunin niya ang motor para lang kami malapitan. Pero masyadong alisto si Maxpein, umatake agad ang mga kamay niya matapos lumapit ni Christian. Gaya kanina ay sunod-sunod at napakabilis ng kaniyang mga atake. Dahilan para hindi 'yon magawang sabayan ni Christian. Hindi halos magkandaugaga si Christian sa pagsangga sa mga suntok ni Maxpein. At nang muli nitong gamitin ang siko ay tinamaan nang matindi sa Christian sa ulo.

Hindi pa rin nakontento dahil bahagya niyang itinulak si Christian at saka bumuwelo! Huli na nang malaman nitong sisipain pala ni Maxpein ang dibdib niya gamit ang dalawang paa. Tumilapon si Christian at agad na bumawi at sumugod!

Habang nasa gano'ng sitwasyon ang dalawa ay itinayo kong muli ang motor at pinaandar 'yon. Hinintay kong makakuha ng magandang tyempo. Pinihit ko nang pinihit ang handle bar hanggang sa mag-init ang makina, at gumawa ng ingay at usok ang gulong sa likuran. Nang magawang hawakan ni Christian si Maxpein sa magkabilang braso at pilipitin iyon papunta sa kaniyang likuran ay bigla kong pinaandar ang motor papasugod sa kanila!

Ngunit gano'ng na lang uli ang gulat ko nang pwersahan niyang buhatin ang bigat ni Christian upang magkapalit sila ng pwesto. At huli na para makabawi ako dahil si Christian na ang nabangga ko!

"Ah!" tumilapong muli si Christian! *Damn it!* Gano'n na lang uli ang galit na naramdaman ko 'tsaka muling pinadausdos ang gulong at humarap kay Maxpein.

Deretso na siyang nakatingin sa 'kin, nag-aabang sa pag-atake ko. Ang dalawang paa niya ay malayo sa isa't isa habang ang kanang kamao niya ay nakasuntok sa lupa. Naghahabol din siya ng hininga. Hindi na mapapangalanan ang galit na mababasa sa kaniyang mga mata.

Itinodo kong muli ang pagpihit sa handle bar dahilan para humarurot ang motor! Hindi na ako nagdalawang-isip na muli siyang sugurin. Kung bakit hindi tumutulong ang mga kasama niya ay hindi ko na problema. Ang isang ito ang dapat kong harapin.

At sa isa pang pagkakataon ay hindi ko malaman kung saan siya kumukuha ng bilis. Ang tyempo niya ay masyadong perpekto para magawa niyang tumakbo at sumipa sa dibdib ni Christian matapos nitong tumayo. Sa isang iglap ay naramdaman ko na lang ang pareho niyang kamay sa aking mga balikat. Sobrang bigat kaya naman kahit hindi ko siya nakikita ay alam kong nakabaliktad siya sa aking ulunan. Hindi nagtagal iyon dahil agad din siyang tumalon!

At matapos kong paikutin pabalik sa gawi nila ang motor ay nakita ko na siyang papatakbo at muling itinapak ang paa sa nakahimpil na sasakyan. At bago ko pa man siya magawang banggain ay nagawa niya nang tuhurin ang ulo ko!

Papatalikod akong nahulog sa motor at malakas na ingay ang sumunod na nangyari. Dali-dali akong bumangon at hinugot ang baril mula sa likuran. Saka ko iyon itinutok sa harapan. Gusto kong kabahan nang wala man lang mabasang takot o gulat sa mukha ni Maxpein. Maging ang galit sa kaniyang mga mata ay hindi nababawasan.

Dahan-dahan siyang umayos ng tayo at hinarap ako. Mula sa likuran niya ay nakikita ko rin ang nahihirapang pagtayo ni Christian. Nagpaikot-ikot siya sa kinatatayuan na animong nag-aabang kung sino sa 'min ang unang kikilos at susugod sa babae.

"Ya!" biglang sumigaw si Christian at saka sumugod!

Agad siyang nilingon ni Maxpein. Sa pagitan ng kalahating segundo ay nagawa nitong sipain ang kamay ko nang hindi ko inaasahan! Tumilapon sa ere ang hawak kong baril. Bago ko pa man 'yon nagawang saluhin ay nakita ko na kung paano siyang yumuko at papatalikod na sinipa si Christian.

Naging mabagal ang pagtalsik ng dugo mula sa bibig ni Christian sa aking paningin. At nang ituon ko iyon kay Maxpein ay nakaharap na siya sa 'kin. Bigla akong napaatras nang makita kung gaano kasama siyang tumingin. Hindi ko na mapagpahinga pa ang dibdib ko. Naghahabulan ang kaba at paghinga. At aaminin kong masyado na akong nahihirapan. Sobrang pagod na ang aking nararamdaman. Pero kailangan naming makatakas sa mga ito. Natatakot akong hindi matatapos ang sandaling ito nang hindi kami makikilala ng mga ito.

Peste! Hindi maaari!

Bigla siyang sumugod. At bago pa siya makalapit ay hinugot ko ang tanto mula sa aking likuran. Agad siyang napaiwas nang iwasiwas ko iyon papalapit sa kaniya.

Sunod-sunod ang akma kong pagsugod, gano'n din ang kaniyang pag-atras. Pero hindi ko maitatangging ito iyong bilis na nakilala ko noon, iyong bilis na una kong hinangaan. Iyong bilis na hindi ko nahahabol kaya hindi ko rin maisahan.

"Patakasin mo kami kung ayaw mong mamatay ngayong gabi." Pilit kong pinalalaki ang aking boses upang hindi niya iyon makilala.

Tinitigan niya lang ako habang nag-aabang sa aking mga kilos. Nang mas lumalim ang kaniyang pagtitig ay ibinaba ko ang salamin ng aking helmet. Nang makita kong nakatayo na uli si Christian ay 'tsaka ko hinugot ang isa pang tanto. Agad ko iyong ibinato kay Christian.

Hindi ko inaasahan ang matunog na pagngisi ni Maxpein. Nasa lupa ang kaniyang paningin at nanatili siyang nakangiti habang iniaangat iyon sa 'min. Nilingon niya si Christian at saka muling bumaling sa 'kin. Nakangisi niyang iniawang ang bibig 'tsaka kinagat ang labi.

Damn it.

Nang sandaling iyon ay hiniling kong sana ay may kakayahan akong basahin ang laman ng isip niya. Gano'n pa lang ang reaksyon niya, gano'n na magwala ang dibdib ko sa takot.

"Gano'n ba kadali sa tingin mo ang takasan ang mga taong nasa harap mo ngayon?" tanong ni Maxpein sa natural niyang angas. **"Kung ako palang ay nahihirapan na kayo, paano pa kapag pinababa ko na ang mga kasama ko?"**

Hambog kang peste ka!

At dahil hindi nga mababasa ang mga kilos at plano ni Maxpein ay bigla siyang tumalikod sa 'kin at tumalon! Dalawang magkakasunod na sipa sa ere ang iginawad niya kay Christian! Isa sa mukha nito habang ang isa pa ay sa braso nitong may hawak na tanto! Matapos no'n ay agad siyang sumugod sa 'kin at bago pa siya makalapit ay umatake rin ako! Halos maihiga niya ang sarili sa sobrang pag-iwas habang umaatras. Sunod-sunod kasi ang pag-atake ko gamit ang tanto.

Ngunit sa ikahuling beses ay sinadya niyang ihiga papatalikod ang sarili dahilan para sumobra ang pag-atake ko at bahagya akong mapaibabaw sa kaniya. Sa posisyong iyon sinuntok niya ang tagiliran ko dahilan para

mawalan ako ng balanse. Agad siyang pumunta sa likuran at hinala ako sa kwelyo! Buong pwersa akong iniikot ng ilang beses hanggang sa ibato ako papasalpok sa nakahimpil na kotse!

Para akong gulay na dumausdos pababa. Hindi ko magawang kumilos. Ang tanging nagawa ko lang ay panoorin ang paglapit niya. Ang tunog ng sapatos na suot niya ay nakaririndi sa aking tainga. Ang suot niya ngayon ay malayo na sa suot niya kanina. Pakiramdam ko tuloy ay para siyang misteryosong tao na nagtatago sa dalawang uri ng maskara. Isang ipinakikita niya sa tao at isa pang itinatago.

Padarag niya akong hinila at inihiga sa lupa. Saka siya pumaibabaw sa 'kin. Muli akong napaubo sa sakit nang tuhurin niya ang aking dibdib. Mas nagulat pa ako nang hindi siya magdalawang-isip na suntukin ang aking helmet dahilan para mabasag ang shield niyon!

Halos magkarera ang tibok ng puso ko nang tumambad muli sa kaniya ang aking mga mata. Hindi na magawa pang kumilos ni Christian. Natatakot akong baka bumaba ang isa sa mga Moon at tingnan kung sino si Christian. Wala kaming laban sa ganitong sitwasyon, wala kaming gawa. Maging ang baril ko ay ginamit ko lang panakot dahil wala na iyong bala.

"Is vengeance going to bring a life back?" mariing-mariing tanong ni Maxpein, agad akong natigilan.

Maging paghinga ko ay biglang nahinto nang deretso akong napatitig sa galit niya ring mga mata.

"Hindi mo na maibabalik ang buhay na nawala na. Kaya 'wag mo nang pagurin ang sarili mo sa kahahanap ng maling hustisya."

Nagtangis ang bagang ko nang sumilab ang galit sa aking dibdib. **"You don't know what you're saying!"**gumagaralgal ang boses ko at saka buong pwersa siyang itinulak!

Nagtiim ang mga bagang niya. Hindi niya inalis ang tingin sa 'kin. Wala man lang siyang reaksyon sa pwersa ko. Nakakainsulto.

"'Wag mo 'kong kalabanin kung hindi mo 'ko kayang patayin." Dinuro niya ako nang akma ko siyang susugurin. **"Maawa ka sa sarili mo, mahihirapan ka lang. Ang hindi makapagpatumba sa 'kin ay siyang posibleng makapagpatumba sa 'yo,"**makahulugan niyang sinabi.

Hindi ko nagawang magsalita. Nananatili akong nilalabanan ang mga tingin niya.

"May sasabihin ka pa?" pormal niyang tanong pero nando'n ang angas.

"I am warning you, you will regret taking another step closer!"nanggagalaiti kong banta. Iyong kaming dalawa lang ang makaririnig, nang sumubok siyang lumapit.

Ngumisi siya. **"Just give me one damn good fight, and I'll leave you gasping for breath."** Itinuro niya ang daan papalabas. **"Now, go."**

Gusto kong mainsulto. Iyon na ang pinakanakakainsultong tyansang natanggap ko! Ngunit hindi na ako nagdalawang-isip pang kunin ang pagkakataong iyon. Dali-dali akong lumapit kay Christian at tinulungan siyang makatayo. Naging mabagal man ay nagawa pa rin naming madaliin ang mga sariling makalayo sa lugar na iyon.

At halos ibagsak naming pareho ang sarili nang makarating kami sa bahay. Iyon na ang pinakamahabang gabi na dumaan sa buhay ko. Samu't sari ang nangyari at naramdaman ko. Kaya naman gano'n na lang ang galit ko sa sarili. Wala man lang naging matagumpay at ang lahat ay pakpak!

"Nalintikan na! Peste! Peste! Peste!" bulalas ko.

Sunod-sunod kong inihampas ang tanto sa mesa hanggang sa masira iyon. At nang hindi ako makontento ay ibinato ko 'yon dahilan para magkandabasag ang mga tinamaan.

Nasabunutan ko ang sarili 'tsaka ako nanggigigil na humarap sa bintana. Napakabilis ng aking paghinga. Nangangatal sa galit ang mga labi ko. Wala nang paglagyan pa ang galit sa dibdib ko. At sa oras ding iyon ay gusto kong basagin ang salaming nasa harapan ko.

Ngayon lang ako nakaramdaman ng pinaghalong panghihina at pagod sa aking katawan. Hindi kapani-paniwalang ang dahilan no'n ay ang mga Moon. Ang mga taong hindi naman namin intensyong guluhin. Ngunit kailangan ko nang aminin na mukhang nagkamali kami ng taong binangga.

Muling nag-init ang ulo ko dahil sa sobrang pag-iisip. Inilampaso ko ang aking mga kamay sa mga gamit at ipinagbabato ang anumang mahawakan. Gano'n na lang ang pagmamadaling tumakbo ng mga tauhan sa bahay papunta sa aking kwarto.

"Cargosin!" nangibabaw ang tinig ni daddy.

Hindi ko siya nagawang lingunin dahil ang galit ay nando'n pa rin sa aking dibdib. Hindi ko mapigilan ang sariling magwala.

"Christian! Ano ang nangyayari!"bulalas ng Chairman.

Walang sumagot. Nanatili akong nakatingin sa labas ng bintana. Pilit kong pinahihinahon ang aking sarili dahil baka wala na akong makilala sa

oras na ito. Hindi ko pa rin mahanapan ng sagot kung bakit hindi namin magawang manalo sa mga hayop na iyon.

"What's going on, Cargosin?"malumanay na tanong ni Eerah.

Humawak siya sa balikat ko at saka ako hinarap. Hindi ko siya nagawang lingunin.

"Calm down, calm down," pang-aalo niya sa 'kin.

Napapikit ako at sunod-sunod ang naging paglunok. Nagwawala ang aking sistema. At mas nababuhay ang galit ko sa t'wing maiisip kong wala kaming nagawa. Pakiramdam ko ay natapakan ni Maxpein ang pagkalalaki ko. At bukod do'n ay dinurog niya nang dinurog hanggang sa maging abo.

Kumuyom ang mga palad ko. At nang bumuka iyon ay sinuntok ko nang sinuntok ang mesa na animong magagawa ko naman iyong mabugbog.

"Cargosin! Cargosin! Stop! Stop! Please!" humahangos na pakiusap ni Eerah, pilit na pinipigilan ang mga kamao ko sa pagsuntok. **"What's wrong? What happened?"** paulit-ulit niya kaming nilingon ni Christian.

"Hindi namin nakuha si Taylor. Hindi namin siya nakuha," sabi ni Christian, nanlulumo ang boses at parang maiiyak. **"Hindi namin siya nabawi. Hindi."**

"Ano ang nangyari at nagkakaganito kayo? Hindi ninyo nakuha si Taylor—bakit kailangang magsira ng gamit, Cargosin!" singhal ng aking ama.

Muling kumuyom ang mga palad ko. Nagtangis ang aking mga bagang at anumang oras ay parang mababasag ang mga ngipin ko. Nananakit ang sentido ko hindi ko pa rin nababawi ang mabilis kong paghinga.

"Cargosin," nag-aalalang tawag ni Eerah, inalog pa ang balikat ko. **"Magsalita ka. Sabihin mo sa amin kung ano ang nangyayari."**

"Cargosin." Ang tinig na iyon ni daddy ay nag-uutos na wala pa mang sinasabi.

Napapikit ako sa inis at muling nasuntok ang mesa. **"Mukhang nagkamali tayo ng binanggang tao, Chairman."**

Mabigat sa dibdib ko ang sabihin iyon pero kailangan ko nang aminin. Walang mangyayari kung itatago ko ito sa akin.

"Hindi madaling kalabanin ang mga iyon, Chairman."

"Sino ang iyong tinutukoy!"

"Ang mga Moon!" galit ko siyang hinarap. Nangingilid ang mga luha ko sa galit. **"Para akong nakipagbuno para sa ikalawa at ikatlong**

buhay ko nang makaharap ko ang dalawang myembro ng pamilya nila, daddy! Dalawa, daddy! Dalawa palang! Hindi pa lahat!"

"Huminahon ka, Cargosin, ano ba!" sigaw ni Eerah, nanginginig na rin ang tinig niya. Nagugulat siya sa aking sinabi.

Sunod-sunod akong umiling. **"Nagkamali ako nang isipin kong mapapadali ang trabaho ko kapag idinamay ko sila. Hindi ko inaasahang magiging mas komplikado pa pala."**

Muli akong napapikit nang maalala ko kung gaano kadali sa naunang babae na paikutin kami sa mga kamay niya. Walang kasimbilis ang mga galamay niya. Gamit ang isang kamay ay nagagawa niya kaming ihambalos, halos ikamatay na namin kapag ginamit niya ang isa pa.

Iyong pakiramdam na pinatakas niya lang kami para mabuhay ang siyang nakatatapak sa pagkatao ko! Mierda!

Walang mababasang paghihirap sa mga mata niya. Lalo na sa kaniyang mukha. Ang mga kamay niya ay prenteng-prente kung kumilos. Na para bang siya ang nagturo sa 'king kumilos. Na para bang nalalaman niya na kung ano ang pag-atake ko. Na para bang nababasa niya ang bawat isip ko. Ang mga plano ko ay animong nagawa niya ring paghandaan kaya bawat pag-atake ko ay kaniyang nilalampaso.

Walang wala kaming nagawa... walang wala.

Lalong nanguyom ang mga palad ko nang kasunod no'n ay maalala ko si Maxpein. Halos walang pinagkaiba ang bilis niya sa naunang babae.

Kung magkaano-ano sila ay wala akong pakialam. Pareho silang Moon sa isip ko. Ang bilis niya na dati ko nang hinangaan ay nanumbalik nang biglaan at hindi ko inaasahan. Isang katangahan para sa akin na isiping panandalian lang ang kabagalan niyang nasaksihan ko nang gabing iyon. Isang kabobohan ang asamin na hindi manunumbalik ang taglay niyang bilis.

Peste! **"Christian,"** tinawag ko ito nang hindi nililingon. **"Nasisiguro mo bang wala kang nalalaman o nakuha man lamang na impormasyon tungkol sa mga taong iyon?"** pahina nang pahina kong tanong nang bigla kong maramdaman ang matinding kirot sa aking dibdib. Agad akong nanghina at napahawak doon. *Damn it!*

"Maniwala ka sa akin, wala,"mariing sagot nito 'tsaka nag-iwas ng tingin. **"Hindi ko akalaing paghihinalaan mo ang sinabi ko."**

"Hindi sa naghihinala ako. Gusto ko lang maniguro, Christian."

Ayaw kong makipagtalo sa kaniya kaya huminahon ako. Mukhang hindi ko rin naman iyon magagawa dahil unti-unti nang tumitindi ang pagkirot sa aking dibdib.

"Kailangang malaman natin kung sino sila, Christian. Dahil nasisiguro kong hindi sila basta-bastang tao."'Tsaka ako nag-angat ng tingin sa Chairman. **"Ngayon lang ako nakakita ng pamilyang kampanteng nanonood sa isa sa mga kaanak nilang nakikipagbalyahan sa kalaban. Kakaiba. Kataka-taka. Bakit sila ganoon?"**

Nanlisik ang mga mata ng aking ama. **"At ang Maxpein na iyon ba ang tinutukoy mo?"** mariin niyang sinabi ang pangalan ng babae.

Tumango ako. **"Wala ng iba pa, Chairman. Masyado siyang malakas. Ngayon lang ako nakakita nang ganoong klase ng babae!"**

Humugot nang malalim na hininga ang Chairman, malakas niyang pinakawalan iyon 'tsaka tumingin sa kawalan. Matagal siyang nag-isip, gano'n din naman kami. Nang harapin niya kami ay hindi na maipinta ang kaniyang mukha. Ako man ay kinakabahan sa nababasa kong galit sa kaniyang mga mata.

"Kung ganoong masyado pala siyang malakas, bakit kailangang siya ang inyong harapin?" makahulugang ani daddy na hindi ko agad nakuha. Pare-pareho kaming tumitig sa kaniya at napalunok. **"Bakit hindi iyong mahihina sa kaniyang paligid ang inyong puntiryahin?"** bigla siyang ngumisi.

Natigilan ako at napatitig sa kaniya. **"Ano ang ibig mong sabihin, daddy?"**

"Nasisiguro kong hindi nila hihiwalayan ang mga Enrile, gano'n na rin ang mga Echavez. Pero kailangan ninyong humanap nang mahihinang tao sa mga pamilyang iyan. At ang mga iyon ang gagamitin nating panlaban."

"Chairman." Natitigilan ko siyang tinitigan.

Wala nang mababasang emosyon sa mukha ng aking ama. Ang galit ay biglang napalis at napalitan ng panlalamig. Nanatili siyang nakatingin sa kung saan na animong nag-iisip pa rin. Palihim naman kaming nagkatinginan nina Eerah at Christian, 'tsaka napapalunok na nagbalik tingin sa aming ama.

"Ngunit ang bagay na ito ay hindi nagmamadali. Naging padalos-dalos tayo kaya nagawa nila tayong isahan," nakakatakot ang paraan nang pananalita ng Chairman. **"Gagawin natin ang lahat ayon sa oras ng**

ating plano. Matapos ang taong ito ay magsisimula tayo." Iyon lang at tinalikuran niya na kami.

"*Me cago en la leche*!" singhal ni Christian na basta na lang ibinato ang kinasasandalang unan. At saka siya tumayo at lumabas ng kwartong iyon.

Napabuntong-hininga si Eerah at saka ako pilit na iniharap sa kaniya. Hindi man ako nakatingin sa kaniya ay naramdaman ko ang mga mata niyang tinitingnan ang kabuuan ng aking mukha. Mayamaya ay ibinaling ko ang paningin sa kaniya, hindi ko agad naitago ang inis sa mukha ko.

"Kami ay nagkakaganito samantalang ikaw ay nakukuha pang lumandi," hindi ko napalis ang pagkadismaya sa aking tono. Pinapangit pa malamang ng kirot sa aking dibdib ang mukha ko.

"Cargosin," naiinis niyang sambit.

"Napakaganda ng iyong pagkakakanta kanina, para kay Lovemir pa."

"Manahimik ka na lang, gagamutin ko ang mga sugat mo." Tumayo siya at lumapit sa cabinet. Mula ro'n ay kinuha niya ang medicine kit.

Pinanood ko lang siyang kumilos. Hindi ko inalis ang masamang tingin sa kaniya. **"Iyong pumasok dito,"**mayamaya ay tanong ko habang isa-isa niyang inilalabas ang mga gamit. **"Gaano siya kabilis?"**

Hindi agad siya sumagot. Sa halip ay nilagyan ng gamot ang bulak at saka tumingin sa pumuputok kong labi. **"Mahapdi 'to, tiisin mo,"** aniya 'tsaka sinimulan akong gamutin. **"Mabilis siya. Sobrang bilis."**

Lalong kumunot ang noo ko. **"Parang hangin?"**

Tumingin siya sa mga mata ko. **"Bakit mo itinatanong?"**

Huminga ako nang malalim. **"Iyong nakaharap namin ni Christian kanina ay babaeng hindi namin kilala. May edad na siya at sobrang bilis! Hindi na ito ang unang beses na nakita ko siya pero hanggang ngayon ay hindi ko siya kilala."** Natitigilan siyang tumitig sa 'kin. **"Nasisiguro kong siya rin iyong bumaril kay Taylor no'ng nasa Palawan kami. Hindi ako pwedeng magkamali. Dahil halos hindi nagbago ang kaniyang hitsura. Asintado siyang bumaril at ganoon din ang mga kilos niya. Tatamaan ka sa parte ng katawang talagang ikapanghihina mo."**

"Sino iyon?"

Umiling ako. **"Sa mukha ko lang siya kilala. Hindi ko nalalaman ang kaniyang pangalan."**

Nahinto siya sa ginagawa at sandaling tumingin sa kung saan. **"May ilang beses na rin nating nakasama ang mga Moon, Cargosin. Kung ganoon ay nakita ko na rin ang babaeng iyan na tinutukoy mo?"**

Napatitig ako sa kaniya at napaisip, 'tsaka ako sunod-sunod na umiling. **"Hindi ko na matandaan. Parang hindi na oo. Hindi ko alam."**

"Alalahanin mong maigi."

Sinubukan kong alalahanin pero sumakit lang ang ulo ko. **"Sa palagay ko ay hindi mo pa nakikita ang babaeng iyon, Eerah."**

Bumuntong-hininga siya 'tsaka napipilitang magpatuloy sa paggamot sa 'kin. **"Sino naman kaya iyon? May edad na?"** tumango ako. **"Hindi naman kaya si Maze Moon?"**

"Hindi." Sunod-sunod na naman akong umiling. **"Naiwan ang Maze na iyon sa party kasama mo, Eerah, mag-isip ka."**

Sinamaan niya ako ng tingin. **"Bukod sa kaniya ay wala rin akong matandaang Moon na may edad na. Silang dalawa lang ni Maxpein ang babae sa kanilang pamilya. Maliban doon sa magkapatid na maiingay."**

"Kung nandoon siya sa espesyal na okasyon sa Palawan ay hindi imposibleng malapit sa kanila ang babaeng iyon. Isa pa ay hindi nila hahayaang maiwan iyon sa mansyon. Sino ang lintik na iyon?"

Hindi niya nagawang sumagot. At sa halip ay dali-daling binuksan ang suot kong polo. **"Oh, my—Cargosin, you're bleeding!"** bulalas niya.

Nasapo ko ang aking noo 'tsaka hirap na hirap na tiningnan ang dibdib ko. **"Damn it!"**

"Bumuka ang sugat mo! Wait! Tatawag ako ng doktor!"

"Hindi," pinigilan ko ang kamay niya. **"'Wag na."**

"Pero—"

"Wala ang doktor ko, sa makalawa pa ang balik niya."

"Pero paano ito?"

"Kaya ko na," sabi ko 'tsaka pilit na inabot ang mecidine kit. **"Abutan mo ako ng bulak,"** utos ko na agad niya namang sinunod.

Nagsalin ako ng gamot 'tsaka ipinahid iyon sa sugat ko. Agad kong nakagat ang labi nang gumuhit ang hapdi sa kabuuan ng dibdib ko.

Fuck!

Halos manghina ako sa sobrang sakit at kirot. Inuubos ng pagtitiis ang lakas ko kaya naman pakiramdam ko ay lulupaypay agad ang katawan ko. Sunod-sunod ang paghahabol ko ng hininga. Pakiramdam ko anumang

sandali ay malalagutan ako dahil sa sobrang pahirap ng sakit. Naikuyom ko ang aking palad sa suot na palda ni Eerah. At doon ibinubunton ang sakit at hapdi.

"Dadalhin kita sa hospital, Cargosin!"

"Hindi na sabi!" giit ko na muling hinawakan ang kamay niya. **"Kahit ngayon lang ay makinig ka sa akin, Eerah. Pakiusap."**

"Damn it! Ikaw itong matigas ang ulo, Cargosin!"

"Kung dadalhin mo ako ro'n ay hindi malabong makarating ito sa mga Moon. Huwag na tayong dumagdag pa sa problema, Eerah! Makinig ka na lang sa akin!"

Hindi na siya nagsalita pa at nagpumilit. Nanatiling masama ang tingin niya sa akin ngunit nandoon pa rin ang pag-aalala sa kaniya. Tinapos niya ang paggagamot sa ibang parte pa ng sugat. Patuloy ko namang tiniis ang kirot at hapdi sa aking dibdib. Matapos kong bendahan iyon ay uminom ako ng gamot saka nahiga.

Hindi nahinto ang utak ko sa kaiisip sa katauhan ng babaeng iyon. Maging ang dibdib ko ay kumikirot nang paulit-ulit at pinahirapan ako bago makatulog. At hindi ko inaasahang maging sa panaginip ay makikita ko ang babaeng iyon. Patuloy akong hinahabol at ako lang ang napapagod.

Ilang beses tuloy akong nagising nang madaling araw. Kinaumagahan ay hindi ko napigilang pag-initan ng ulo dahil sa kakulangan ng tulog.

Kumakain na ang lahat sa 'baba nang dumulog ako sa mesa. Pilit kong hindi ipinahalata ang sakit na aking iniinda. Panigurado kasing magdudulot iyon nang panibagong problema na posibleng ikagalit lalo ng aking ama.

Nakabibingi ang katahimikan dahil tanging ang tunog ng mga kasangkapan ang gumagawa ng ingay. Hanggang sa matapos kaming mag-agahan ay walang naganap na palitan ng salita. Muli akong uminom ng gamot at nagpasalamat nang bawasan no'n ang kirot.

Dahil mahina pa ang katawan ko ay nagdesisyon akong hindi na lang pumasok. Nainis pa ako nang makitang may text sa 'kin si Randall Echavez. Hindi na ako nag-abala pang basahin iyon. Dumeretso ako sa sala at nagbasa ng dyaryo. Mayamaya lang ay bumalandra sa harap ko ang malanding si Eerah Anitha.

Binigyan ko siya nang nanunuyang tingin. **"Tigilan mo ang kapapalakad-lakad sa harapan ko at nahihilo ako."**

"Kagabi ko lang naisip, Cargosin,"huminto siya at hinarap ako. Nanatiling masama ang tingin ko sa kaniya. **"Kahit nakainom ako nang**

gabing iyon ay natatandaan kong dito ko unang nakita ang nanloob." Itinuro niya ang espasyo sa pagitan ng bar island at siyang kinatatayuan niya ngayon. **"Noong una ay naisip kong baka namamalik-mata lang ako. Umakyat ako at hinubad ang suot kong coat. Ini-hang ko iyon. Tumalikod lang ako ay hindi ko na iyon nakita."**

Bumuntong-hininga ako. **"Kaya nga ikinompara ko sa hangin ang bilis niya, Eerah. Ako man ay hindi namamalayan ang mga kilos niya."**Ipinagngiwi ko na lang ang kabagalan niya sa pag-iisip.

"Pero sobrang bilis naman no'n para mawala agad siya sa paningin ko?"

"Ang sabi mo ay ginaya niya kami, pulos itim ang suot ika mo? Nasisiguro kong nagtatago lang iyon sa kung saan kaya hindi mo nakikita agad. At iniisip mong nawawala agad siya sa iyong paningin."

"Pero paanong nangyaring napunta agad sa 'baba ang coat ko, Cargosin?" Itinuro niya ang couch sa kaniyang tabi. **"Dito ko nakita ang coat ko. Cargosin, wala pang isang minuto mula noong ilapag ko iyon sa kama at lumapit ako sa drawer ko."**

"Ano ang ibig mong sabihin?"walang interes na tanong ko.

"You don't understand," naiinis niyang sagot na muling naglakad papalapit sa bar island saka tumingala sa hagdan. Sinundan ko naman siya ng tingin. **"Kung ibinaba niya ang coat ko,"** nag-iisip niya pang sabi. **"Bumaba rin ako at naglakad dito."** Itinuro niya ang daan papunta sa study. Nasapo niya pa ang noo na para bang litong-lito. **"Doon kami nagharap sa kwarto ko, Cargosin."** Sinabi niya iyon habang dahan-dahang tumitingin sa 'kin.

Napabuntong-hininga uli ako. **"Maski ako ay kayang gawin iyon, Eerah."**

"Pero hindi mo naiintindihan! Iisa lang ang aming dinaraanan! Paano mangyayaring hindi ko siya nakikita? Imposible! Masyadong limitado ang oras dahil mabilis din naman akong kumilos no'n, akyat-panaog ang ginawa ko!"

"Oh, eh, ano nga ang pinupunto mo?"

"Sa tingin ko ay hindi iyon iisang tao. Hindi iisang tao ang pumasok dito nang gabing iyon."

Kung bakit bigla akong kinilabutan ay hindi ko maintindihan. *Bakit nga ba hindi ko naisip iyon?* **"Sigurado ka?"** natitigilan kong tanong.

Tumitig siya sa 'kin sandali at saka tumango. **"Masyadong imposible para magawa ng iisang tao iyon, Cargosin. Ang bilis na napansin mo sa babaeng iyon na nakaharap mo ay nakikita mo, nasasaksihan mo. Kaya mo nasabing mabilis. Pero ang bilis ng taong iyon na nanloob dito ay walang katulad. Hindi nakikita. Masyadong perpekto ang tyempo at masyado rin iyong imposible para magawa sa loob ng iilang segundo!"**

Magsasalita na sana ako nang sabay kaming magulantang sa tunog ng cellphone. Papalakas nang papalakas 'yon at talagang napalunok ako sa gulat. Pinanood ko siyang hanapin ang cellphone hanggang sa sagutin niya iyon.

"Hello?" mataray pang singhal ni Eerah. **"A-Almeyra?"** pabulalas niyang sabi na tumingin pa sa akin. **"Wait! Wait! I thought you're back in the States? Wait—what? Calm down, Almeyra! Calm down!"** hindi na maipinta ang mukha ni Eerah. Mababasa ro'n ang gulat at pag-aalala. **"Pumunta ka dito sa bahay, ngayon na. I'll give you the address. Bye."**

"Why?"

Nasapo niya ang noo. **"Something came up. Let's wait for Almeyra."**

Hindi kami nahinto sa pag-iisip ni Eerah. Nanatili man kaming tahimik ay pareho kaming naging abala sa pagtulala. May lakad si Christian kasama ang aking ama kaya naman kami lang ni Eerah ang naiwan sa bahay bukod sa mga tauhan. Mahigit kalahating oras din kaming naghintay bago dumating si Almeyra.

"What happened to you?" nag-aalalang bungad ni Eerah dito.

"What's going on, Eerah?" seryoso at kunot na kunot ang noong pagbabalik ng tanong ni Almeyra. Nanatili akong nakaupo at nakatingala sa kanilang dalawa. **"What is going on!"**

"I don't know what you're saying. Explain to me what happened. Why are you still here? I thought you left already."

"Nagpa-rebook ako ng flight pabalik sa States, Eerah," mababasa ang galit sa mukha ni Almeyra. Kung bakit ay hindi ko alam. **"I was calling you pero hindi ka sumasagot sa mga tawag ko."**

"I've been very busy."

Bumuntong-hininga si Almeyra. Aksidenteng dumapo sa 'kin ang paningin niya. Natural sa kaniya ang batiin ako. Pero ipinagtaka ko nang hindi man lang niya ako kausapin. Muli niyang nasapo ang noo 'tsaka hinarap si Eerah.

"Ang mga kaibigan natin, those who attended my party that night. Lahat sila ay isa-isang naaksidente, Eerah. Sunod-sunod na naaksidente!"

"What?" bulalas ni Eerah.

Nagsimula na rin akong mag-aalala, hindi ko man maintindihan ang pinag-uusapan nila. Pinaupo ko silang pareho at saka ako nakinig. Inilahad ni Almeyra ang mga nangyari at tulad ni Eerah ay hindi rin ako makapaniwala sa mga ikinuwento nito. Ang mga taong nabanggit ni Almeyra ay kilala ko rin, mga kaibigan ko rin. Kaya naman gano'n na lang din ang naging pag-aalala ko. Nagugulat ako sa mga ikinuwento niya. Halos lahat kasi ng mga iyon ay nakaligtas pero halos magulay raw sa sobrang pagkakabugbog. Pero isang bagay ang nakapukaw ng interes ko. Ang paulit-ulit na paggamit ni Almeyra sa salitang*mabilis* na siya raw kwento ng mga kaibigan namin. Hindi ko alam kung bakit wala pa man, pakiramdam ko ay meron na agad akong nalalaman. Kakaiba ang kutob ko at hindi ko 'yon pwedeng bale-walain na lang.

"Sino naman kaya ang gumawa noon, at bakit iyon ginawa sa kanila?" tanong ko.

Nilingon ako ni Almeyra, masama ang tingin niya, pero hindi siya nagsalita. Sa halip ay nilingon niya si Eerah at naging mas masama ang titig dito. Nagtataka akong napatingin kay Eerah. Nasisiguro kong ang ikinilos na iyon ni Almeyra ay may ibig sabihin. Hindi naalis ang nagtatanong na titig ni Eerah sa kaharap. Para tuloy silang nag-uusap sa isip. Naglalaban ang mga tingin nila sa isa't isa at pareho iyong masama.

"What is going on here?" naiinis kong tanong pero wala rin akong nakuhang sagot.

"Eerah, tell me, may kinalaman ba ito ro'n sa nangyari nang gabing iyon ng party ko?" naghihinala ang tinig ni Almeyra. **"Answer me!"**

"Almeyra..."

"Anong kalokohan ang ginawa mo, Eerah?" sabat ko pero muli ay hindi nila ako nilingon.

"Tell me, Eerah! May kinalaman ba ito sa nangyaring iyon kay Lohr?"

Lohr? Deib Lohr Enrile? Nalilito ako. Bagaman narinig ko ang kwento ni Almeyra ay may mga hindi pa rin ako maintindihan. Pero sa iniaakto nito ngayon ay nasisiguro kong may ginawa si Eerah nang gabing iyon. At

malakas ang kutob kong may kinalaman ito sa aksidenteng nangyari kay Deib Lohr.

"Eerah," tawag ko. Lalong sumasama ang tingin sa kaniya. **"Ano ang ginawa mo? What did you do!"**

"Shut up, Cargosin!" natutulirong ani Eerah at saka tumayo. Dumere-deretso siya sa bar island at naglabas ng alak. Pabagsak niyang inilapag ang baso at nagsalin. Mabilis niya ring nilaghok ang laman no'n at saka naghahabol ng hininga nang tumingin sa kung saan.

"What's going on, Eerah? Natatakot na ako!" bulalas ni Almeyra pero hindi kami nilingon nito. **"Kung ganoong nagkasunod-sunod sila ay hindi malabong ako na ang...oh, my god!"**

Hindi magawang ituloy ni Alemeyra ang nasa isip, mababasa ang matinding takot sa kaniya. Agad akong lumapit para haplusin ang kaniyang likuran.

"Cargosin, I'm scared!"

"It's her," tiim-bagang na ani Eerah dahilan para mag-angat kami ng tingin sa kaniya. **"I'm sure that it's her."**

"Who is she, Eerah?" tanong ni Almeyra. **"Who is she?"**

"Eerah, tell me what happened!"singhal ko.

Natutuliro niyang inilapag ang baso at pasigaw na ikinuwento ang lahat. Halos maiyak siya sa galit habang sumisigaw habang ako naman ay patuloy na nagugulat. Nakaramdam lang ako ng galit matapos marinig ang lahat.

Kung susumahin ay pulos kalokohan ni Eerah ang umiral. Nagsinungaling siya kay Almeyra at sinabing binastos siya ni Deib Lohr. Iyong pambabastos na walang kapatawaran. Natural na hindi iyon magugustuhan ng mga kaibigan namin. At hindi na kataka-takang ganoon ang inabot ni Deib Lohr sa kamay ng mga ito.

"You did what?" nagtitimpi kong tanong matapos tumayo at maglakad papalapit sa kaniya. Hinila ko ang braso niya at sapilitan siyang iniharap sa 'kin. **"Nababaliw ka na ba?"**

"Look, nangyari na, okay? Tapos na! He's in the States already for his operation!"

"Pero ang ginawa mong iyon ay wala sa usapan natin, Eerah! Damn it! Paano kung napatay mo iyon? Paano, ha? Paano!"

"Oh, mababaliw ako!" nawawalan ng pag-asang ani Almeyra. **"Hindi pa rin kayo humihinto sa ganiyang gawain, ano? Hindi pa rin talaga**

kayo natitigil? So, plano pala ang lahat ng iyon, Eerah, at ginamit mo pa ako? Anong klaseng kaibigan ka!"

"Almeyra, please!" galit na pakiusap ni Eerah. **"'Wag ka na munang dumagdag, please!"**

"Pero sumobra ka, Eerah! Sobra-sobra ang ginawa mo to the point na pati sa akin ay nagsinungaling ka! Ang sabi mo ay may ginawa siyang hindi maganda! Iyon ang naging dahilan para gawin ng mga kaibigan natin iyon sa kaniya! Grabe! I can't handle this! Sobra ang ugali mo! Sobra!" naiiyak na si Almeyra.

"Okay, I'm sorry! I am really sorry! Hindi ko inaasahan na aabot sa ganito!"

"And what about me, Eerah?"tumayo na rin si Almeyra at naglakad papalapit sa 'min. **"Paano ako, kung ang lahat ng kaibigan natin ay sinunod-sunod niyang babaeng tinutukoy mo? Paano kung isunod niya ako, ha? Paano ako! Ano ang laban ko kung iyong mga lalaki nga ay nagawa niyang bugbugin!"**

Napahilamos ako sa aking mukha at nanlulumong naupo. Hindi na naman ako makapaniwala. Ang lahat ng narinig ko ay imposible sa pandinig at isip ko.

Kung talagang siya nga ang gumawa no'n, kailan at paano niya iyong nagawa? Gano'n kabilis? Nagawa niya ang lahat nang iyon sa isang iglap? Imposible!

"Ilang gabi na akong hindi makatulog! Kaunting kaluskos sa bahay ay nagigising ako. Sobra akong napapraning! Noong nakaraan nga ay nagpumilit na lang ako sa mommy ni Gabriel para ako ang magbantay sa hospital. Sa tingin ko ay mas safe pa ako doon kaysa sarili kong bahay! Damn it!" dagdag ni Almeyra.

"You can stay here," alok ko.

"No, Cargosin, I have to go home. Hindi pa ako tapos sa pag-eempake ng gamit. Wala pa nga yata akong nasisimulan. Bukas na ang flight ko pabalik sa America."

"Maitanong ko lang, may nabanggit ba ang mga kaibigan natin tungkol sa hitsura noong nambugbog sa kanila?" tanong ko uli mayamaya.

Sandaling nag-isip si Almeyra. **"Halos lahat sila ay nasa madilim na parte ng bahay o lugar, pero hindi magkakaiba ang mga sinabi nila. Pawang naka-itim at may takip ang mukha."**

Napahilamos ako sa aking mukha. *Kompirmado!* Napatitig ako kay Eerah, nando'n ang takot sa kaniyang mga mata. Maging ang baso na hawak niya ay hindi mapirmi dahil sa panginginig ng kamay niya. Ngunit kahit gaano pa kasama ang itingin namin sa isa't isa ay hindi namin pareho maitago ang takot.

"Sige," ani Eerah, hinarap ang kaibigan namin. **"I'll stay in your house tonight."**

"Pero ano naman ang magagawa mo kung sakaling puntahan niya tayo, Eerah? Paano kung mapahamak tayong pareho?"

"Hindi pa naman siguradong pati ikaw ay pupuntahan, 'di ba? 'Wag kang praning, Alemyra."

"Paano nga kung ganoon ang mangyari, Eerah? Hindi mo maiaalis sa akin ang pag-aalala gayong nagkasunod-sunod sila! Natural lang na matakot ako! God!"

"Hindi naman kita pababayaan, okay?" nagsisimula na silang magkainitan.

Humupa lang ang inis ni Eerah nang magsimulang humagulgol si Almeyra. Dali-dali niyang nilapitan ang kaibigan para yakapin.

"I am so sorry, Almeyra. I really am sorry, hindi ko inaasahang mangyayari ito. Kung nagawa ko lang itong makita no'ng una ay hindi ko ito hahayaang mangyari. Maniwala ka sa akin. I'm really sorry."

"Natatakot lang ako, paano kung may mangyari sa akin? I am alone here, Eerah. Paano na ang anak ko? Ang asawa ko? Paano na ang pamilya ko? I can't die, Eerah."

"Nothing's gonna happen to you, Almeyra, I will not let that happen to you or to anyone inside my family."

Nang gabi ngang iyon ay umalis sila at dumeretso sa bahay ni Almeyra. Hanggang ngayon ay hindi pa rin mawala sa isip ko ang mga sinabi niya. Paulit-ulit ko iyong naiisip hanggang sa magdilim. Dumeretso ako sa kwarto at agad na binuksan ang laptop ko. Nang makita ko ang relos ay kinuha ko ang aking cellphone at tinawagan si Christian.

"Nasaan na kayo?" tanong ko.

"Papaalis pa lang kami rito. Bakit mo itinatanong?"

"Wala naman," bumuntong-hininga pa ako. **"Ano ang balita diyan? Maayos ba ang lakad ninyo?"**

"Wala rin kaming nahita. Kahit na ang mga malalapit na tao sa Chairman ay hindi nakikilala ang mga Moon na iyan."

Napapikit ako sa inis. **"Eh, ano na ang plano?"**

"Pero may isa kaming nakausap, hindi nagpakilala. Hindi rin nagpakita."

"Paano nangyari iyon at ano ang sinabi?"

"Itinawag sa numero ko, kung paano niya iyon nakuha ay hindi ko alam. Ang sabi niya ay subukan naming ipitin ang nakaupong Gobernador hanggang sa magsalita."

Tumango-tango ako. **"Kilala ba ng gobernador na iyan ang mga Moon?"**

"Hindi ko alam, wala siyang sinabi. Pero kontento kami ng Chairman sa sinabi niya. Diyan na lang natin pag-usapan." aniya 'tsaka ibinaba ang linya.

Sandali akong napatitig sa telepono at saka ibinaling ang aking paningin sa screen ng laptop. Tumitig lang ako nang tumitig doon hanggang sa hindi ko na maramdaman ang aking sarili.

Pero halos mapatalon ako sa kinauupuan nang kumalabog ang bintana at humangin nang malakas! Hindi ko nagawang kumilos agad matapos tingnan iyon. Hindi rin agad humupa ang kabog sa dibdib ko dahil sa sobrang gulat. Sandali ko pang pinanood ang paglipad ng mga kurtina 'tsaka ako tumayo at lumapit doon.

Ngayon lang yata ito naiwang bukas.

Tumunghay ako at sinilip ang labas ng bintana bagaman walang makikita ro'n bukod sa dilim. Hinawi ko ang kurtina at isinara iyon. Ngunit papabalik na sana ako sa mesa nang bigla uli iyong bumukas! Mas malakas at mas humangin! Natitigilan akong lumingon doon. Hindi na halos mahinto sa pagkalabog ang aking dibdib. Nang sandaling iyon ay nagdalawang-isip na ako.

Malakas ba talaga ang hangin o may nananadya nito?

Hindi ako pwedeng magpakapraning. Walang tao ang pwedeng kumilos nang ganoon kabilis. Kinumbinsi ko ang aking sarili na malakas lang talaga ang hangin. Isa pa bagaman gawa sa bakal ang frame ng bintana ay hindi imposibleng mabuksan iyon nang malakas na hangin.

Kaya naman muli akong lumapit sa bintana, hinawi uli ang kurtina 'tsaka ko iyon isinara. Sa sandaling iyon ay ini-lock ko na ang bintana at saka ako nagmadaling tumalikod doon. Ngunit dalawang hakbang papalayo palang ang nagagawa ko nang mangibabaw ang ingit ng bakal. At nasisiguro kong ang bintana ang pinagmumulan niyon. Hindi na ako lumingon at sa halip ay

patakbo kong nilapitan ang cabinet kung nasaan ang mga espada. Humugot ako ng isa at saka nakaposturang humarap sa bintana.

At ganoon na lang ang gulat ko nang tumambad sa akin ang taong narinig ko mula sa bibig nina Almeyra at Eerah Anitha! Ang imahe na iyon na nakasuot ng pulos itim ay nasa harapan ko ngayon!

Sa sandaling iyon ay mas tumindi ang kaba ko, at mas tumitindi pa. Mabilis na nanginig ang mga kamay ko at naiwang nakamaang ang aking panga.

"Sino ka, at ano ang kailangan mo?" mayamaya ay tanong ko, pilit na naglalakas-loob.

Ngunit hindi iyon nagsalita, hindi iyon sumagot sa akin! At ang mga titig niya ay sadyang nagdudulot nang mas matindi pang kaba sa aking dibdib. Hindi ko alam kung paano nito nagagawang takutin ako sa pamamagitan ng kaniyang tingin bagaman hindi ko nakikita ang buo niyang mukha!

Nanatili lang iyong nakatingin sa 'kin at animong hinihintay akong gumawa ng kilos. Para akong mababaliw sa oras na iyon. Kinakabahan at hindi ko magawang kumilos. Gusto kong kagalitan ang katawan ko nang hindi rin ito makisama sa akin. Kung kanina ay hindi ko maramdaman ang sakit, unti-unti na namang nangingibabaw iyon ngayon at pinanghihina ako lalo. Hindi ko malaman kung bakit pakiramdam ko ay katapusan ko na ito.

"Ano ang kailangan mo?" muling tanong ko ngunit hindi iyon nagsalita.

Sa halip ay patalon itong bumaba mula sa bintana at humakbang papalapit sa akin. Agad akong umatras at iniamba ang hawak kong espada.

"Ano ang kailangan mo!" bulalas ko at nagtuloy-tuloy sa pag-atras.

Ngunit kung gaano ako kabilis umatras, doble no'n ang bilis ng kaniyang pag-atake! Hanggang sa matuliro ako nang mabilis niyang hugutin ang espadang nasa estante. Kung paano niyang nalamang may espada ro'n ay hindi na mahalaga, dahil ang iniintindi ko na lang sa ngayon ay kung paano siyang kakalabanin.

"Kung iniisip mong hindi kita makikilala dahil sa pagtatago mo diyan sa suot mo, nagkakamali ka."Sinabi ko iyon habang patuloy sa pag-atras. Hinihingal na ako, wala pa man. *Lintik na sugat ito!*

Huminto siya sa pag-abante, itinutok sa akin ang espada at sinipat ang talim niyon. Paulit-ulit niya iyong ginawa na lalong nagdulot ng takot sa akin. Pinakatitigan ko ang kaniyang kabuuan, nasisiguro kong babae ang aking kaharap dahil hindi niya maitatago ang kurba ng kaniyang katawan.

Kung bakit mayroon siyang natural na angas at dating ay hindi ko alam. Pero wala pa man ay parang kilala ko na ang nasa aking harapan.

Hindi ko inaasahang paliliparin niya sa ere ang espada! At nang saluhin niya iyon ay baliktad na ang kaniyang pagkakahawak. At sa mas hindi inaasahang sandali ay bigla siyang umatake sa akin!

Nagsangga ang mga espada namin. Sunod-sunod ang kaniyang pag-atake at gano'n din naman ang sa akin. Nababasa kong sinasadya niya akong kornerin. Kaya bago pa man iyon mangyari ay agad na akong yumuko at tumakbo papunta sa kaniyang gilid. Dahilan para magkapalit kami ng posisyon.

Suwabe ang kaniyang pagkilos. Iyon palang ay masasabi ko nang bihasa siya sa paggamit ng espada. Kung bakit hindi ko maramdaman ang presensya ng mga nakaharap ko sa kaniya ay hindi ko alam. Pakiramdam ko kasi ay ibang tao ang nasa harapan ko ngayon. Iyong hindi ko pa nakakaharap kahit kailan.

Pinasayaw niya papaikot sa hangin ang espada at walang ano-ano ay sinugod ako. Wala akong nagawa kundi ang umiwas dahil ang labanan siya ay naging imposible na. Sa pag-atras ko ay halos matalisod ako papatalikod nang tumama sa kung saan. Dali-dali niyang sinipa ang kamay kong may hawak na espada saka muling ibinato sa ere ang espadang hawak niya. Pabaliktad niya na naman iyong hawak nang masalo. Napaubo ako nang inihampas niya ang hawakan niyon sa buko ng lalamunan ko.

Papaluhod akong natumba habang hawak-hawak ang buong leeg ko. Hindi ako makahinga, parang may nakabara! Nangunot ang aking mga mata at nararamdaman ang paghigpit ng aking sentido. Pakiramdam ko, anumang sandali ay mamamatay na ako.

Sinabunutan niya ako upang maitingala ang aking mukha. Nakita ko ang kaniyang mga mata at bukod doon ay wala na. Tanging galit ang mababasa ro'n, nakamamatay na galit.

"Who...are you?" hirap na hirap kong sabi, pakiramdam ko ay may dumurugo sa aking lalamunan.

Tumunghay siya nang sobrang lapit, na sa sobrang lapit ay napamilyaran ko ang kaniyang mga mata.

"You'll die if I tell you," aniya at saka ako iniumpog sa mesa. Na siyang dahilan para mawalan ako ng malay.

OceanofPDF.com

CHAPTER 208 : THE SUFFERING

EERAH ANITHA'S POV

"Tigilan mo ang lalaking iyon, Eerah. Tigilan mo si Deib Lohr." Sinabi iyon ni Almeyra habang nakatitig sa aking mga mata.

Nilabanan ko ang mga tingin niya. **"I can't."**

"Eerah!" bulalas niya. Nagbaba ako ng tingin. **"Bakit ba pulos paghihiganti na lang ang laman niyang utak mo?"**

"Alam mo, at ilang beses ko nang sinabi sa iyo ang dahilan, Almeyra."

"Pero bakit siya?"

"I want him to suffer. I will make them suffer. All of them."

"Masyado pa siyang bata para maranasan ang lahat nang ito. Ano ba ang nangyayari sa iyo?"

Hindi na ako sumagot. Sa halip ay tumayo ako at kumuha ng isang bote ng alak. Nang makabalik ay ipinagsalin ko siya at saka ako sunod-sunod na lumaghok. Nababalutan ng ulap ang isip ko. Bagaman alam kong masasama ang lahat ng laman niyon ay wala ako sa katinuan para piliin kung alin ang tama. Ang tanging hangad ko ay ang makapaghiganti.

"When will you stop, Eerah?" mayamaya ay tanong ni Almeyra.

Hindi ko iyon inaasahan kaya gulat akong napatitig sa kaniya. Sinsero ang kaniyang mga mata at naroon din ang pag-aalala. Napailing ako at hindi nakasagot.

"This is not you, Eerah. I know you. Hindi ka ganito."

"Almeyra, please, stop."

"No, Eerah. Kahit ngayon lang ay makinig ka sa akin. I know that you can make this stop. Alam kong hindi ka kasinsama ng mga inamin mo sa 'kin kanina. Alam kong mabuti kang tao, at habang may panahon pa ay tulungan mo ang sarili mong magbago."

Nang sandaling iyon ay nagsisi akong inilahad ko pa ang buong katotohanan sa kaniya. Naisip ko nang ganito katinding pangongonsensya ang gagawin niya, itinuloy ko pa.

"Kung magiging ganoon lang sana kadali iyon, Almeyra." Nauubusan ng pag-asang sabi ko. **"Pero nandito na 'to. Hindi ko pwedeng baguhin ang nasimulan na. Wala kaming ibang paraan kundi tapusin ang nasimulan nang lakaran."**

"Hindi totoo iyan, Eerah. Mag-isip kang mabuti. Kung magpapatuloy ka, kayo, sa ganitong klase ng buhay ay hindi kayo magkakaroon ng katahimikan."

Napatitig ako sa kaniya. At namalayan ko na lang ang mga luha kong isa-isang pumapatak. Napaiwas ako ng tingin. Hindi ko malaman kung saan nagmumula ang biglang pagbugso ng aking damdamin. Kahit kailan ay wala akong nakausap nang ganitong kaseryoso tungkol sa bagay na ito. At masaya akong si Almeyra ang nagsasabi sa akin ng mga ito ngayon. Masaya ako na siya ang kasama at nakakausap ko. Dahil kung ako lang ay baka mabaliw ako, punong-puno ng galit ang dibdib ko.

"Mahalaga sa akin ang mommy ko, Almeyra," luhaan kong sabi. **"Siya ang nagbigay sa akin ng panibagong buhay matapos kong mamatay."**

"Pero hindi niya magugustuhan kapag nalaman niyang sa ganitong uri ng pamumuhay napunta ang bagong buhay na ibinigay niya sa iyo. Sa inyo ng pamilya mo, Eerah. Maniwala ka sa akin dahil ina rin ako."

"But I can't. I can't make it stop." Lumuluha kong sabi hanggang sa magtuloy-tuloy lang iyon.

"Oh, Eerah," agad siyang lumapit sa 'kin at yumakap. **"If I can only turn back the time. Ibabalik ko iyon sa panahon kung saan pare-pareho tayong masaya at walang ibang iniisip kundi ang kapakanan ng isa't isa."**

"Wala akong magagawa kundi ang hilingin na lang iyan ngayon, Almeyra," umiiyak ko pa ring sabi.

"I'm going to miss you, Eerah."

"Oh, of course, I'll miss you, too, Almeyra."

"Sa lahat ng kaibigan ko na itinuring ko na ring kapatid ay ikaw ang pinakamalapit sa akin, Eerah. Kahit hindi tayo magkasama ay nami-miss kita. Nasisiguro kong ngayon ay lalo kitang mami-miss. Ilang taon na naman siguro bago uli tayo magkita."

"Pwede mo naman akong bisitahin anumang oras."

"Pwede mo rin namang gawin iyon sa akin. Kapag may oras ka ay mag-unwind ka sa America, sasamahan kita."

"Alam ko, hindi mo naman ako hahayaang maglakbay nang mag-isa."

"Salamat at nanatili ka sa tabi ko, salamat talaga. Hindi ko ito makakalimutan."

"Walang-anuman. Basta para sa iyo, lahat ay kakayanin ko."

"I love you, Eerah."

"I love you, too, Almeyra."

"'Wag mong kalilimutan ang lahat ng sinabi ko sa iyo, Eerah. Promise me."

"I will never forget it, Almeyra. I promise," nakangiti kong sabi at saka muling yumakap sa kaniya. Napapikit ako. At doon nawala ang aking mga ngiti. Muli iyong napalitan ng pagluha.

Hindi ko maipaliwanag ang lungkot ko. Iba iyon sa lungkot na naramdaman ko na nang mga nakaraan. Ang pakiramdam ko ngayon ay isang bahagi ng puso ko ang muling hihiwalay sa akin dahil magkakalayo kaming muli ni Almeyra. Ngayon ay nakokonsensya ako na hindi ko man lang nagawang ibigay sa kaniya ang oras ko nang mga panahong nandito siya. At sa halip ay nabigyan ko pa siya ng problema at isipin na paniguradong babaunin niya hanggang sa makabalik sa America.

Napuno ng luha ang gabing iyon. Ang lungkot ay nanatili sa aking dibdib hanggang sa mahiga ako. Hindi nawala sa isip ko ang mga sinabi ni Almeyra, lalo na ang mga nangyari. Aminado ako sa takot na aking nararamdaman. Hindi iyon normal. Marahil ay dahil nakokonsensya rin ako. Pero huli na para huminto o umatras pa ako. Mas gugustuhin kong mapahamak kasama ang pamilya ko kaysa umatras nang mag-isa at iwan sila. Hindi ko iyon magagawa. Hindi ko maaatim na traydurin o talikuran ni isa man sa kanila.

Maaga kaming gumising kinabukasan dahil sa sunod-sunod na busina sa labas ng bahay ni Almeyra. At kasabay no'n ay ang hindi matigil na pagri-ring ng cellphone ko. Dumating si daddy kasama si Christian at ang tauhang si Mark.

Sandali akong nagulat, hindi ko inaasahan ang pagdating nila. Ngunit nang mapagtanto kong may mga bitbit silang pagkain ay agad akong kumilos para asikasuhin sila.

Malapit ang daddy ko sa aking mga kaibigan, lalo na kay Almeyra. Pero hindi ko inaasahang maiisip niya pang gawin ito dahil batid kong masyado siyang abala nitong mga nakaraan. Bukod doon ay hindi na ko humingi pa

ng oras niya dahil sa hiya na naramdaman ko sa nangyari nang mga nakaraan.

"Where's Cargosin?" tanong ni Almeyra nang makababa. Agad siyang lumapit sa aking ama at kay Christian para yumakap. **"Oh, I'm so glad to see you, tito."**

"I'm sorry I didn't have the chance to meet you earlier, I was busy."

"It's okay, tito. Thank you for coming today. You never fail to make me feel special," bumeso uli si Almeyra sa aking ama. **"Mukha kang bata, tito, I'm so jealous."**

"Come on," natatawa namang sabi ni daddy. Hindi ko maiwasang mapangiti habang pinapanood sila. **"Let's eat?"** anyaya niya 'tsaka kami sabay-sabay na naupo.

"Nasaan nga uli si Cargosin?" lumilingang tanong uli ni Almeyra.

"Yeah, where is he?" inosente kong tanong. Agad naman akong nagulat nang mabasa ang masamang tingin ni Christian.

Tumikhim naman ang aking ama 'tsaka nameke ng ngiti. **"He's busy."** I'm sure he's lying.

Hindi ko maipaliwanag nang biglang mabuhay ang kaba sa dibdib ko. I know that something is wrong. Gusto ko tuloy kwestyonin ang biglaan nilang pagpunta rito. Pero hindi ko na muna inintindi iyon. Kapag nanguwestyon ako ay paniguradong magdudulot na naman iyon ng panibagong takot kay Almeyra. Makapaghihintay pa naman ako mamaya, tatanungin ko sila kapag wala ito sa paligid.

Gabi ang flight ni Almeyra pero kailangan namin siyang ihatid nang maaga sa airport. Gayunman ay nakakatuwang makita na naglaan pa rin siya ng oras para sa amin. Masaya tuloy kaming nagkwentuhan tungkol sa aming kabataan. Saksi ang aking ama sa aming kabataan ng aking mga kaibigan, nando'n siya at sumusubaybay sa amin, gano'n niya kagusto ang mga bata. Hindi tuloy kami magkanda-ugaga sa katatawa nang balikan namin ang masasayang nakaraan.

Hindi ko nga lang naiwasang mapansin si Mark na nasa pinto na animong may binabantayan. Tuloy ay hindi ko maiwasang makiramdam. Malakas ang kutob ko na ang presensya nila ngayon dito ay may ibig sabihin. At hindi lang dahil kay Almeyra.

"Is there something wrong?" mayamaya ay seryoso kong tanong nang sandaling umalis sa harapan namin si Almeyra.

Hindi ko naitago ang pagkadismaya sa aking mukha nang makita ang nag-aalala nilang mga tingin.

"What's wrong? Why are you here?" tiningnan kong pareho ang aking ama at si Christian. **"Where is Cargosin?"**

"May nangyari kagabi,"mahinang ani Christian.

Wala pa siyang tinutukoy ay mukhang nahuhulaan ko nang napahamak si Cargosin. At maging ang may kasalanan ay mukhang kilala ko na rin.

"Ano ang nangyari kay Cargosin?"

"Kagaya nang nangyari sa iyo."

Natutop ko ang aking bibig. **"How is he?"**

Nag-iwas ng tingin si Christian, nanunuya ang mukha at masama ang tingin. **"Nasa mansyon ngayon ang doktor niya at ginagamot siya. Ngayon ay nandito kami para kay Almeyra, hindi malabong siya na ang isunod."**

Nagugulat akong napatitig kay Christian. *I knew it! Fuck!* Hindi ko malaman kung bakit bigla akong kinilabutan. **"What do you mean? Siya ang isusunod? Bakit? Paano mo iyong nasabi?"**

"Nabanggit sa akin ni Cargosin ang napag-usapan ninyo kagabi. Bakit mo ginawa iyon, Eerah?" hindi matumbasan ang mababasang galit sa mga mata ni Christian.

Wala ako sa huwisyo upang magpaliwanag. Nanunuya siyang nag-iwas ng tingin at bumaling sa aking ama na masama na rin ang tingin sa akin. Napakislot ako sa takot.

"Ito na ba ang matalinong pamamaraan na iyong ipinagmamalaki?"

"Christian..."

"Wala kang ginawang tama—maski isa. At nang dahil sa mga maling kilos na ginawa mo ay lahat tayo ang napahamak."

"Enough," mariing anang Chairman saka tumikhim. **"Wala tayo sa tamang lugar para pagtalunan ang bagay na iyan. Ang kailangan nating gawin ngayon ay ang agapan ang panibagong kapahamakan."**

"E-Eerah..." Nangibabaw ang tinig ni Almeyra mula sa aking likuran.

Agad na tumindig ang mga balahibo ko at dumeretso ang aking likuran. Nanlaki ang mga mata ko habang nakapako pa rin ang mga iyon sa mukha ng aking ama. Sumimbulat ang kaba sa aking dibdib nang manlaki rin ang mga paningin nila. At unti-unti ay nangibabaw sa aking pandinig ang tahimik na pag-iyak ng matalik kong kaibigan.

Almeyra!

Dahan-dahan akong napaharap sa aking likuran, sobrang bagal na halos pwede na naming ikamatay pare-pareho ang sinayang kong oras. At gano'n na lang ang gulat ko nang makita ang bugbog nang mukha ni Almeyra, may mga pasa at dumurugo ang labi!

Kung paano nitong tahimik na nagawa iyon sa 'taas ay hindi ko alam. Kasalukuyan silang nasa 'taas, sa may hagdanan.

"What did you do!" halos patili ko iyong sinabi, mabilis na rumagasa ang mga luha paibaba sa aking mukha.

Agad na nangibabaw ang galit sa aking dibdib nang makita ko nang husto ang taong iyon. Na nasisiguro kong siya ring nanloob sa aming mansyon. Ang taong iyon na nababalutan ng itim at may tabing ang mukha at tanging mga mata lang ang makikita.

"E-Eerah..." Muling sambit ni Almeyra.

Ang akma akong lalapit ay siyang pagsigaw ni Almeyra nang hilahin siya nito sa buhok. Halos mapapikit siya sa sakit at agad na napaatras.

"Let her go!" sigaw ko.

Ngunit ang taong iyon na nasa harapan ko ay nanatiling tuwid na tuwid at walang sinasabi. Bahagyang nakatabingi ang ulo na animong pinag-aaralan ang mga tindig namin.

"Please, I am begging you," umiiyak na ani Almeyra sa katabing hawak siya. **"May pamilya ako. 'Wag mo akong sasaktan, please!"** pakiusap niya.

Ganoon na lang kadali para sa taong iyon na bitiwan siya! Ngunit bago pa man makatakbo pababa si Almeyra ay dinagukan siya nang malakas nito sa likuran. Sumubsob si Almeyra at nagpaikot-ikot pababa sa hagdan! Humampas pa ito sa likuran ng silya nang tuluyan niyang marating ang 'baba! Lalong dumugo ang kaniyang labi, maging ang kilay niya ay mas pumutok.

"Hayop ka!" sigaw ko at saka tinulungan si Almeyra na makatayo.

Pero ang taong iyon sa likod ng itim na damit ay naglakad pababa ng hagdan na para bang walang nararamdaman maski na kaunting kaba. Batid kong nasa akin ang paningin niya habang marahang inihahakbang ang kaniyang mga paa. Pero ang bigat ng paghakbang niya ay hindi kapani-paniwalang naging maugong sa aking tainga. Lalo ako niyong pinakakaba, at tinutuliro ako nang paglapit niya.

"Mark!" nangibabaw ang tinig ng aking ama, hindi ko sila nagawang lingunin. Namalayan ko na lang ay biglang sumugod si Mark sa taong iyon

na nasa harapan na namin!

Nagawa agad nitong saluhin ang pag-atake ni Mark—nang hindi inaalis ang paningin sa akin! Gano'n na lang ang takot na idinulot niyon sa akin. Kung paano nito iyong nagagawa ay hindi ko alam. Pero hindi ko mapigilang mawalan ng pag-asa dahil totoo palang gano'n na lang ang galing at bilis nito.

Sinalo nito ang sipa ni Mark at basta na lang iyong ibinato. Bago pa man magawang sumugod uli ni Mark ay humampas na sa kaniya ang silyang hindi ko man lamang nakitang pinulot nito!

Nanggigigil ako. Maging ako ay gusto nang sumugod para pagtulungan namin ni Mark na madakip siya! Pero imposible iyon ngayon dahil wala akong makuhang tyempo. Masyadong mabilis ang mga kilos niya na maging si Mark ay hindi magawang sabayan.

Sipa dito, tadyak doon! Suntok dito, dagok doon! Halos sumuka ng dugo si Mark nang sunod-sunod siyang sipain nito sa ulo paibaba sa dibdib! At ang huli niyang ginawa ay umikot at biglang sumipa na sa sobrang lakas ay magagawang marinig sa kabila ng distansya namin!

Sabay-sabay kaming napaatras nang bigla siyang humakbang papalapit sa amin. Nananatiling nasa akin ang nakakatakot niyang tingin. Para bang handa niyang itumba ang lahat ng kaharap at ako ang huling itititra. At kapag nangyari iyon ay natatakot akong baka pahirapan niya ako hanggang sa malagutan ng hininga.

Kakatwang wala siyang sinasambit na maski isang salita. Ang mga kilos niya ay swabe na para bang nagagawa niyang basahin ang isip ng kalaban, kaya nagagawa niya iyong ilagan o gantihan. Wala siyang takot, hindi siya kinakabahan. At makikitang handang-handa niya kaming saktan.

Hindi ro'n natapos iyon. Muling bumangon si Mark at sinugod siya sa kaniyang likuran. At tulad nang una kong naisip, para nitong nabasa ang kilos ni Mark nang paatras niya itong sipain! Bago pa man matumba si Mark ay tumalon na patalikod ang taong iyon at eksaktong lumapag sa likuran ng tauhan. At walang-alinlangan nitong binali patalikod ang braso ni Mark.

Napatili kaming dalawa ni Almeyra sa nasaksihan. Agad na napasigaw sa sakit ang tauhan namin, sunod-sunod na inihampas ang palad sa sahig na para bang mapapahinto niyon ang nananakit sa kaniya. Pero hindi pa ito nakontento dahil may pinindot itong kung ano sa likuran ni Mark dahilan

para mapasigaw itong muli sa sakit hanggang sa mawalan ng malay. Pabato siya nitong binitiwan at saka prenteng tumayo.

"What do you want! What do you want! What do you want! What do you want!" paulit-ulit na sigaw ni Almeyra.

Nakapikit niyang tinakpan ang mga tainga na animong mababaliw na dahil sa nakikita. Umiiyak at nawawalan ng pag-asa.

"I am begging you, please! Tell us what you want and we will give it to you! Please!"

Dahan-dahan nitong nilingon si Almeyra. 'Ayun na naman ang tumatabingi nitong ulo na para bang inirerehistro sa isip ang mga sinabi ng aking kaibigan. Walang ano-ano ay itinuro nito ako!

Nanlaki ang mga mata ko, naiwang nakamaang ang aking mga labi. *Me?* natatakot kong tanong sa isip.

Pero hindi doon natapos iyon dahil matapos ako nitong ituro ay itinuro nito si Christian at sa huli ay itinuro nito si Chairman.

What the hell?

Natutuliro akong nilingon ni Almeyra 'tsaka sunod-sunod na umiling. **"Eerah..."**

"Almeyra..." Humabol ako sa kaniya pero muli siyang umatras.

"I knew this is going to happen, Eerah! I knew it!" umiiyak niyang bulalas. Lalo akong nalito at hindi ko malaman kung ano ang aking gagawin.

Hindi ko siya maaaring pagtuunan ng pansin, kailangan kong panatilihin ang paningin sa kaharap namin.

"Christian! Please, do something!" sigaw ko.

Natutuliro man ay sinugod din ito ni Christian. Pero hindi ko malaman kung anong klaseng tao ba itong kaharap namin dahil nagagawa nitong iwasan si Christian habang ang mga kamay ay parehong nasa likuran. Walang kahirap-hirap siya nitong naiiwasan. At nang makadampot si Christian ng isang metal na bagay ay bigla niya na lang itong inihampas sa kaharap. Ngunit ang imposible ay nagawa nitong posible nang mabilis itong makaiwas at mapunta sa harapan ko mismo!

At ang mas ikinagulat ko ay nang bigla ako nitong hilahin sa braso at pabatong isinalubong sa panibagong paghampas ni Christian—ako ang lintik na tinamaan!

Agad kong naramdaman ang pagtulo ng dugo mula sa aking bumbunan, halos matikman ko iyon nang dumaloy hanggang sa aking labi.

"Hayop ka!" sigaw ko at mabilis na sumugod!

Sunod-sunod akong sumuntok sa kaniyang harapan, habang si Christian ay panay rin ang pag-atake mula sa likuran. Pero ang taong ito sa harapan namin ay parang hangin kung kumilos, gaya nang sinabi ni Cargosin. Pero hindi ako magawang tinagin noon, ang galit ko ay umabot na sa dulo at ang tanging hangad ko ay ang mapatay ito ngayon mismo.

"Papatayin kita!" sigaw na mabilis na dinampot ang flower vase at inihampas dito.

Maswerte nitong naisangga ang braso dahilan para mabasag iyon sa ilang piraso. Tumambling ito papalikod at hindi namin napansing nakapulot ito ng bubog. Nalaman na lang namin iyon nang ibato niya iyon kay Christian na inosenteng tinamaan.

"*Mátala*!" galit na anunsiyo ng aking ama, pahintulot na kumilos na kami.

Dali-dali akong pumunta sa pinto at ini-lock iyon. **"Ngayon ay wala ka nang kawala sa amin."** Gigil ko iyong sinabi habang itinataas ang parehong manggas ng aking damit.

Ngunit ganoon na lang kalumo nitong tiningnan ang pinto at saka muling ibinalik ang paningin sa akin. Pinakukulo niyang lalo ang aking dugo.

Tumingin ako sa gawi ng kusina, lihim na hinanap ng mga mata ko ang matatalim na bagay na naro'n. Hindi ko hahayaang matapos ang araw na ito nang hindi ko mapapatahimik at makikilala ang hayop na ito.

Nagtinginan kami ni Christian at nagkatanguan. Mabilis siyang kumilos at ako naman ay humanap ng tyempo para makatakbo papunta sa kusina. At pagbalik ko ay bitbit ko na ang tatlong mahahabang patalim. Agad kong ibinato ang isa kay Christian. Ang dalawa naman ay ibinato ko sa ere at nang masalo ko ang mga iyon ay pabaliktad kong hinawakan. Ganoon sa aking paraan nang paghawak ng espada. Ganoon sa paraan na sanay ako. Ganoon sa paraan ko kung paano akong lumalaban.

Pinaggitnaan namin ito ni Christian, pinaikutan. Habang ito naman ay nananatili sa kinatatayuan, nakatuon ang paningin sa kung saan ngunit kami'y minamatyagan. Pero sadyang mabilis siya, bukod doon ay nasisiguro kong malakas ang kaniyang pakiramdam. Dahil nang umamba ako ng saksak ay agad siyang sumipa. Kakaiba ang sipa niya, hindi iyon pwedeng maliitin. Dalawa lang ang pwedeng mangyari kapag tinamaan ng sipa nito, kung hindi ka tatalsik ay mamimilipit ka sa sakit.

"Huwag ninyo nang patagalin." Nangibabaw bigla ang tinig ng aking ama sa gitna nang matinding tensyon. **"Sa loob ng dalawang minuto ay kailangang ako na ang kaharap mo."**

Nilingon siya nito. At bagaman may tabing ito sa mukha ay batid kong napangisi ito. Nagustuhan nito ang sinabi ng aking ama na para ba iyong isang pampagana.

Nagoyo kami nito sa ganoong sitwasyon nang hindi namin mamataan ang biglaan nitong pagyuko! Kinuha nito ang dalawang unan sa sofa at initsa kay Christian ang isa. Nahiwa iyon nang laslasin ni Christian pero nang mawala iyon sa kaniyang paningin ay sumalubong na uli ang paa ng nasa kaniyang harapan. Nakailag si Christian, napaatras at saka lang sumugod nang makakuha ng tyempo. Paulit-ulit niyang iniumang ang kutsilyo rito at may minsan pang muntik niya na itong tamaan.

Doon ako biglang sumugod, bagay na ikinagulat nito at nadaplisan. Pero sa sobrang nipis ay iyong manggas lang ng suot nitong jacket ang nabutas. Hindi ko inaasahan nang maramdaman ko ang pagsipa niya sa aking tuhod, napayuko ako ngunit nagawa kong iumang ang saksak papunta rito. Patuwad itong umatras habang sinasalo naman ang pag-umang ng patalim ni Christian. Sobrang bibilis naming kumilos na halos hindi kami magkakitaan!

At nang makahanap ako ng tyempo ay bigla akong pumunta sa likod nito at doon ito sinipa! Sapat ang lakas niyon upang mapasubsob siya papunta kay Christian na eksaktong tinamaan siya sa braso. Nakita ko nang magkakasunod na pumatak ang dugo niya, at hindi ko naiwasang mapangiti.

Kung ganoon, ang bilis niya ay katumbas ng dalawa o tatlong tao? Punyeta!

"Ano ka ba sa tingin mo, isang ninja?" sarkastiko kong tanong.

Nagawa kong ngumisi pero hindi ko nagawang iwasan ang palad niyang papaangat na sumalo sa aking panga! Napamura ako matapos kong makagat ang sariling dila!

"Isa." Bigla itong bumilang sa hindi malamang dahilan.

"Anong isa?" inis kong tanong 'tsaka muling sumugod sa kaniya.

Nang akma niyang dadambain si Christian ay payakap kong sinalo ang mga braso niya at pwersahan iyong inilapit sa 'kin. Pareho kaming naglabanan ng lakas at aminado akong naging mahirap iyon sa parte ko dahil dalawang kutsilyo ang aking hawak.

"Christian!" pagtawag ko.

Agad na sumugod si Christian at nag-umang ng saksak! Ngunit nagawa nitong tuunan ako ng bigat upang maingat ang sarili at pinagtatadyakan ang mga braso ni Christian. Hanggang sa tuluyan nitong masipa ang lalaki sa dibdib dahilan para muli itong tumalsik. Pwersahan siyang humarap sa 'kin at inikot ang mga braso niya sa mga braso ko nang sa gayon ay pareho naming hindi maikilos ang mga iyon. Dikit na dikit kami sa isa't isa na halos magkaamuyan kami ng hininga.

Ngunit hindi ko nagawang matakot, mag-iisip na sana ako ng kilos nang bigla akong matigilan. Kusang nagbaba ang tingin ko sa dibdib naming pareho nang may maramdaman ako.

Babae siya!

At ang pamilyar nitong amoy ay lalong bumubuhay sa galit ko. **"Hayop ka!"**

Bigla ako nitong itinulak at patalikod akong sinipa na nagawa kong ilagan! Pero hindi pa pala doon matatapos ang pagsipa niya dahil ang paa niya ay nanatili na sa ere at sunod-sunod akong inatake! Nang maabutan ako nito ay agad nitong hinawakan ang pareho kong pulsuhan. Tinapik ang isa kong siko at ang isang kutsilyo ay hindi kapani-paniwala kong nabitiwan! Agad nitong iniharap ang talim niyon sa 'kin at ngumisi. Kahit hindi ko nakikita ang mukha nito ay batid ko ang kaniyang pagngisi.

"Gawin mo!" sigaw ko.

At hindi nga ito nag-atubiling itarak iyon sa mismong pulsuhan ko. Napasigaw ako sa sakit. Kakatwang nagawa niya pa iyong isauli sa 'kin ang patalim. Parang alipin ko naman iyong tinanggap.

Pinche idiota!

Napasigaw nang pagsugod si Christian ngunit agad itong yumuko at kagulat-gulat nang magawa nitong buhatin ang salamin ng center table! Batid ko kung gaano iyong kabigat pero nagawa niyang bitbitin at isangga sa pag-atake ni Christian!

Nang dahil do'n ay tumalsik ang hawak na kutsilyo ni Christian. Walang-habas naman nitong inihampas ang gilid ng hawak nitong salamin sa lalaki dahilan para mahilo-hilo itong matumba matapos tamaan. Kikilos na sana patayo si Christian nang mamataan ko ang isang pares ng paa na agad na pumigil sa dibdib niya. Nang mag-angat ako ng tingin ay panibagong tao na ang aking nakita!

What the hell? Hindi ko agad nagawang kumilos, gulat na gulat akong napatitig sa isa pang iyon. Pulos nakaitim at may tabing ang mukha! *Kung ganoon ay tama ang aking hinala! Dalawa sila!*

Hindi ko malaman kung paano ko nagagawang makapag-isip pa nang ganito sa kabila ng nangyayari sa pagitan namin. Tama ang aking hinala, dalawang tao ang sumugod sa akin nang gabing iyon. Hindi man kumpirmado ay nakasisiguro na ako. Gayunman, ang nasaksihan ko ngayon sa aking kaharap ay mapanlinlang. Isa iyong patunay na kahit nag-iisa ito ay hindi ito mahihirapang patumbahin ako.

"Please, stop!" sigaw ni Almeyra pero walang pumansin sa kaniya.

Nang ako ang harapin ng unang taong nakaitim ay handa na ako sa pag-atake. Pero gaya kanina ay naging mabilis ang pagkilos nito. Nagawa nito akong tungkuran sa tuhod at pwersahang isampal sa mismong ulo ko ang makapal na salaming iyon!

Nawalan ako ng balanse sa sobrang lakas niyon at bago ko pa magawang matumba ay humampas pa muna ang aking baba sa kahoy na mesa! Nakita ko pa kung paano nitong ibinato kay Christian ang mabigat na salamin dahilan para mapabulyaw ito sa sakit.

"Dalawa." Narinig ko muli ang pagbilang nito.

Dali-dali akong gumapang pero sobra na ang aking hilo. Literal na umiikot ang aking paningin. Ang dugo ay nararamdaman ko nang kumakalat sa aking mukha. Unti-unti ay biglang namanhid ang ilang parte ng katawan ko. Natakot ako nang hindi ko na maramdaman ang aking mga paa. Agad ko iyong ikinilos at iwinagwag na para bang lumalangoy. Walang nangyari.

Nakita kong dumaan sa harapan ko ang ikalawang pulos nakaitim. Ang naunang nakaitim ay nakatayo na sa harapan ng aking ama. Nang umastang susugod ang aking ama ay agad siya nitong sinalo sa panga at pabatong iniitsa!

Daddy—no!

Gusto kong sumigaw nang sobrang lakas! Pero bukod sa wala akong lakas ay hindi ko magawang ibuka ang aking bibig. Hindi ko alam kung ano ba ang ginawa niya sa 'kin upang bigla ay para akong naparalisa. Nag-angat ako ng tingin sa ikalawang nakaitim, nakatunghay ito sa akin. Walang emosyon na mababasa sa kaniyang mga mata.

Sinikap ko ring tingalain si Christian, hindi na ito kumikilos gaya ni Mark.

Ano na ang mangyayari sa amin? Cargosin, where are you! We...need you! Maging sa isip ay nahihirapan akong magsalita. Natotorete ako at kung ano-anong maiingay na bagay ang nangingibabaw sa aking pandinig. Ang kaba ko ay walang-habas sa pagtindi. Ang mga kamay ko ay malakas ang pagkilos sa sobrang panginginig.

"Please!" nangibabaw ang tinig ni Almeyra.

Nang tingnan ko siya ay nakaluhod na siya at nagmamakaawa. Pinagkikiskis ang mga palad na para bang magagawa siya niyong isalba. Ngunit ang naunang nakaitim ay nilingon lang siya at tinapunan ng tingin.

"Please, I am begging you for my life!" patuloy ni Almeyra. **"My family needs me! I am, begging you! Please! Please, don't hurt me, please! Please be kind! I am begging you, please!"**

"I am kind to everyone, but when they hurt me I hurt them more." Pinakadiinan nito ang huling sinabi. Ang mga salitang iyon ay mabilis na nanuot sa sistema ko at pinanindig ang lahat ng aking balahibo.

Ang boses na iyon ay pamilyar sa pandinig ko. Nasisiguro kong hindi na iyon ang unang beses ko iyong narinig. Hindi ko lang malaman kung paano niyong nagagawang palakihin pa iyon nang hindi pinipilit ang sarili. Tinig lalaki pero mula sa lalamunan ng isang babae.

"I am so sorry for everything that I did! I d-didn't know! I don't know anything! Please! My family is waiting for me and they didn't know anything about this, please! Oh, God! I am begging you, please!" halos halikan na ni Almeyra ang paanan nito.

"Umalis ka sa harapan ko."

Mabilis na tumayo si Almeyra, nangangatog ang mga tuhod at hindi man lang ako tapunan ng tingin nang magtatakbo. Gusto kong maiyak nang sandaling iyon, hindi ko mahanapan ng sagot ang mabilis nitong pagtalikod. Umakyat siya sa itaas at sunod-sunod na kalabog na ang aking narinig.

Ngunit hindi ko inaasahang patakbo ring bababa si Almeyra. Mabilis ko siyang tiningala dahil sa sobra kong pag-aalala. At gano'n na lang ang panlalaki ng aking mga mata nang makitang may hawak na siyang baril. At ang baril na iyon ay pamilyar sa aking paningin. Pag-aari ko iyon! Nasisiguro kong hinalungkat niya iyon sa bag ko.

Pero hindi na tama ang kilos niyang iyon. Hindi kilala ni Almeyra ang mga kaharap namin na ngayon ko lang din halos nakikilala. Nasisiguro kong bago niya pa makalabit ang baril ay umitsa na siya. At ang mas

ikinatatakot ko ay baka magawang umilag ng dalawang nakaitim at tamaan ang aking ama.

"No..." Hirap na hirap ko iyong sinabi habang ang palad ko ay sumesenyas sa kaniyang huminto.

Pero hindi ako pinansin ni Almeyra, sa halip ay nagpipindot siya sa hawak na cellphone.

"Leave us alone or I'll call the cops!" sigaw pa ni Almeyra.

Dahan-dahang bumaling ang naunang nakaitim sa kaniya. Muli ay tumabingi ang ulo nito na para bang pinag-aaralan siya. Maging ang pagngisi nito ay muli ko na namang nakita.

"I am warning you! Leave us alone!" bulalas na naman ni Almeyra. Ni hindi niya magawang itutok nang deretso ang baril. Gumewang-gewang ang nguso niyon dahil sa matindi niyang panginginig. Tuloy ay hindi man lang nakanti ang mga pinagbabantaan niya.

"Hindi ako 'yong tipo ng tao na tumatawag ng pulis, Almeyra." Nang magsalita siyang muli ay nasiguro ko nang tama ang aking hinala. Kahit gaano pa nitong palakihin ang boses, sadya man iyon o hindi, ay hindi na ako pwedeng magkamali. Kilala ko na ito! **"Ako 'yong tipo ng tao na kapag nainis, hihilingin mong sana ay dumating ang mga pulis dito bago dumapo sa 'yo ang mga kamay ko."**

"Shut up!" sigaw ni Almeyra na agad na tinitigan ang hawak na baril. Ngunit mababasa sa kaniyang hindi niya alam kung paano iyong gamitin.

Damn it! Mierda!

Sinikap kong kumilos ngunit huli na iyon! Nagawa nang iitsa ng isa pang nakaitim ang kutsilyo kay Almeyra at eksakto iyong tumama sa bibig ng baril! Natutulirong napatitig na lang si Almeyra sa dalawang nakaitim matapos mabitiwan ang baril. Agad namang lumapit doon ang ikalawang nakaitim at pinulot ang baril. Gamit ang isang kamay ay ikinasa nito iyon, tinanggal ang magasin at pintik isa-isa ang mga bala. Kung gaano kabilis at katalino niya iyong nagawa ay hindi ko na dapat pang pagtakhan. Ngunit isa iyong matinding dahilan para sila ay katakutan.

Mierda!

"Who the hell are you?" Nangibabaw ang tinig ng aking ama, dali-dali akong nagbaba ng tingin sa kaniya.

Bahagyang nakatagilid ang aking katawan ngunit nananatili itong paralisado sa hindi maipaliwanag na dahilan.

'Ayun na naman ang pagtabingi ng ulo ng naunang nakaitim. **"Roses are red...violets are blue..."** Nakababaliw kung paano niya pang idinaan sa biro ang sandaling iyon. Sa pagtula nito ay batid kong nakangisi ito. Dumaragdag tuloy sa galit ang pagkainsulto ko.

"Who are you!"nanggagalaiting sigaw muli ng akin ama, dinuro pa ang dalawa.

"Stop asking who I am, because you'll die if I tell you."Ang kaninang nakaiinsulto niyang pagtula ay naging nakapangingilabot.

Nanlaki ang aking mga mata. Kinapos ako nang hininga.

Ang linyang iyon...

Kinilabutan ako nang paulit-ulit habang ang mga mata ko ay patuloy sa panlalaki. Napako ang aking paningin sa likuran ng naunang nakaitim. Hindi ako pwedeng magkamali!

"Oh, shit..." Dinig ko ang umiiyak na bulong ni Almeyra ngunit hindi ko na siya nagawa pang tingnan. Nanatili sa naunang nakaitim ang paningin ko. **"Ang linyang iyon..."**

Lahat ng kaibigan naming magkakasunod na naaksidente ay narinig ang linyang iyon. Na para bang iyon ang iniiwang marka nito sa t'wing may titirahing tao.

Umiling nang umiling ang aking ama, hindi mabasa ang reaksyon sa mukha. Naghahalo ang takot, kaba, pagkadismaya, kawalan ng pag-asa at galit sa kabuuan niya.

"I've been hearing that line over and over again! Who the hell are you!" bulalas ng aking ama, namumula sa galit. Pakiramdam ko ay ito na ang katapusan naming pare-pareho.

"You'll die if I tell you, Chairman Rewis," sagot nang naunang nakaitim.

"Kung ganoon ay ikaw ang nanloob sa aming tahanan? Ikaw ang gumawa niyon sa lahat ng taong malapit sa aking anak?" gitil na tanong ni Chairman.

"Ngayon ko lang sasabihin ito," pabulong nitong sabi ngunit maririnig pa rin. **"Ako lang ang may karapatang gumamit ng linyang iyon, señor."**

Matapos sabihin iyon ay dinamba nito ang aking ama. Dahilan para mapahiga si daddy at pumaibabaw siya nang hindi nagdidikit ang kanilang mga katawan. Ang kutsilyong hindi ko man lamang nakitang hawak niya ay

mahigpit niyang itinutuok sa mismong lalamunan ni daddy. Halos mapatili ako nang makitang kuminang ang talim no'n sa aking paningin.

Oh, please! God!

"Sa anong paraan mo gustong masaktan, Chairman? Iyong dahan-dahan o biglaan?" muling tanong nito.

"I am not afraid of you!"

"You should be." 'Ayun na naman ang malalim at malaki nitong boses.

"You will pay for this! I will make you suffer!"

"Then watch me suffer."Pinakahigpitan nito ang pagkakagapos sa leeg ng aking ama. **"You think you know me?"** tanong nito.

"Who are you!" halos mapuno ng boses ni daddy ang kabuuan ng bahay.

Umalis ito sa ibabaw ng aking ama at hinilang bigla ang suot ni daddy na kurbata. Inilapit nito ang mukha nila sa isa't isa. Pero inikot nito nang inikot ang kurbata ng aking ama hanggang sa mahirapan itong huminga.

"Repeat your question then I'll tell you who I am!" Bigla itong sumigaw, at mararamdaman doon ang galit!

Muli akong kinilabutan at mabilis na nangilid ang aking mga luha.

"Who...are you?" hirap na hirap na tanong ng aking ama. Halos malunod siya sa sarili niyang laway at animong kinakapos na ng hininga!

"My name...is Maxpein."

Hindi ko alam kung bakit alam ko naman na iyon pero ganoon pa rin ang aking gulat dahil sa kompirmasyon. Noon lang ako nakarinig ng pangalan na may kakayahang pagwalain sa takot ang dibdib ng sinuman.

Inaasahan kong magdudulot ng panibagong galit ang pag-amin ni Maxpein. Ngunit hindi ganoon ang nangyari. Napuno ako ng natakot. Ni katiting na pag-asa ay wala ako.

DEIB'S POV

Isang buwan ang nakalipas bago ako pinayagan ng mga doktor na bumalik sa Pilipinas. Hindi ko maipaliwanag ang naghahalong saya at bigat ng pakiramdam.

"Excited ka na ba?" tanong ni daddy, sunod-sunod na tango ang naisagot ko.

Bukod sa 'min nina mommy't daddy at Manang ay sina *Noona*at Randall lang ang nakakaalam na ngayong gabi mismo ang balik namin sa Pilipinas. Sinadya kong hindi iyon ipasabi kay Taguro, gusto ko kasi siyang sorpresahin.

Ngunit hindi ko inaasahang ako pala ang masosorpresa nang makita kung gaanong kagarbo ang buong bahay namin pagkarating. Nagkalat ang mga palamuti at disenyo, makikinang na ilaw, at mga lobo. Malakas din ang sounds na nagmumula sa loob ng bahay.

"Mom?" napapangiti kong baling dito. Halos mapunit din sa kangingiti ang mga labi ni mommy pero hindi niya nagawang sagutin ako.

Sa halip ay tumuloy kami sa bahay at doon ay agad akong sinalubong ng mga kaibigan ko.

"Welcome back, Deib Lohr!" sabay-sabay nilang sigaw. May pinaputok pa dahilan para magkalat ang confetti sa ulunan ko.

"Ang mga puso! Ang mga puso!" sigaw ni Parrot at mabilis nitong binuksan ang malaki at bakal na electric fan. Agad na nagliparan ang mga lobo na hugis puso sa ere.

Gaya ni mommy ay halos mapunit ang labi ko sa sobrang pagkakangiti. Natatawa ako at natutuwa nang hindi ko maintindihan. Mabilis ding nangilid ang mga luha ko pero batid kong dahil iyon sa sobrang tuwa.

"Happy birthday, Deib Lohr!"

Bigla ay sabay-sabay silang kumanta at ang boses ni Parrot ang pinakanangingibabaw, bigay na bigay pa. Pilit pinahahaba at kinukulot-kulot ang tono ng kanta.

"Happy birthday, Deib Lohr! Happy birthday, happy birthday! Happy birthday, Deib Lohr!"

Habang nakikinig ay iginala ko ang mga paningin. Hindi sa mga naroon kundi sa mga disenyong pinaglaanan nila ng oras na ilagay. Kaliwa't kanan ang cartolina paper na nakadikit sa mga kurtina. May "Welcome back, Deib Lohr!", may "Happy 2nd Born day, Deib Lohr!", may "Welcome home, baby babe!", at may "WE LOVE YOU, DEIB LOHR ENRILE!".

Nakakatuwa. Pakiramdam ko ay tumaba bigla ang puso ko. Hindi ko alam na ganito katindi ang isasalubong nila sa 'kin at talagang nahaplos ang aking puso.

At bago pa man matapos ang pagkanta nila ay natuon na ang paningin ko sa taong iyon na ilang buwan kong pinanabikang makita. Maging ako ay parang nakikita ang kinang sa aking mga mata. Hindi ko maipaliwanag ang kuryenteng kumiliti sa buo kong sistema nang magtama ang paningin namin ni Taguro.

Syempre, dahil si Taguro iyon ay wala na naman siyang emosyon. Deretsong nakatingin sa 'kin at hindi man lang nag-abalang makikanta.

"Kumusta sa pakiramdam 'yong mabigyan ka ng panibagong buhay, bro?" nakangiting tanong ni Randall matapos ang kanilang pagkanta.

"Nakakatuwa. Walang katumbas ang tuwa at saya," seryoso kong isinagot.

"Na-miss ka naman, 'dre!" biglang tumakbo si Tob at yumakap sa 'kin. **"Miss na miss kita, 'dre! Kahit hindi mo ako tinatawagan at tine-text ay hindi ako nagtatampo sa 'yo. Naiintindihan ko. At araw-araw kong hinihiling na talagang gumaling ka na, 'dre! Na-miss kita talaga! I love you, 'dre!"**

"Putsa, alis nga diyan!" natatawa kong singhal.

"Welcome back, Deib," nakangiti at nakapamulsang bati naman ni Lee. Hindi na rin nito napigilan ang sariling lumapit at yumakap sa 'kin.

"Anak ng...si Taguro ang inaasahang kong unang gagawa nito sa 'kin at hindi kayo," inis kong bulong sa kanila.

Hindi naman sila nakasagot. Nagkatinginan pa bago pilit na ngumiti sa 'kin. **"Alam namin! Psh! Para iisang yakap lang, eh! Pwedeng-pwede mo naman nang yakaping maya't maya si Taguro pagkatapos nito!"** pabulong ding asik ni Tob.

"Pero ang totoo ay miss na miss ko rin kayo, bwahahaha! Alam niyo bang nagpabili pa ako ng mga laruan na Superman do'n para maalala ko si Lee! Tapos sa 'yo naman Tob ay si Joker! Bwahahahaha—"

"Anong Joker naman!" singhal ni Tob. Sabay na lang silang natawa ni Lee.

"Hi, Deib! It's nice to see you again," nakangiting lumapit sa kaniya si Kimeniah.

"Kim! Grabe, 'ganda mo, ah!" natutuwang bati ko sabay sulyap kay Taguro. Napanguso ako nang makitang hindi siya nakatingin sa 'min. *Tch! Hambog!*

"Thanks! Nag-worry talaga ako at naiyak ako nang makarating sa 'kin 'yong news tungkol sa iyo. Masaya talaga ako na okay na okay ka na ngayon. I never stopped praying for you."

"Thanks, Kim." Muli akong lumapit para yakapin siya habang ang paningin ay na kay Taguro pa rin. Na nang sandaling iyon ay panay na ang kutkot sa ilong at pumipitik kung saan-saan.

Yak! Grabe talaga ang babaeng 'to! Tsk! Nakakainis!

"Deib!" patakbong yumakap sa kaniya si Keziah. **"Oh, thank God you're alright!"**

"Thanks for your prayers, Keziah."

Bukod sa magkapatid ay isa-isa ring lumapit sa 'kin sina Parrot, Michiko, BJ at Migz. Muling lumapit sa 'kin sina Lee at Tob bago tuluyang makalapit sa 'kin si *Noona* na yumakap agad nang sobrang higpit. Habang nagsasalita pa ay panay ang pag-iyak niya, hindi mahinto dahil sa sobrang saya.

Nando'n din si Lolo Dei Min na bagaman maikli ay mahigpit din ang naging pagyakap sa 'kin, ginawaran pa ako ng halik bago ako kumustahin. Si Chairman Enrile ay halatang naiilang bago pa man makalapit sa 'kin. Pero naramdaman ko ang pananabik at saya nang yakapin niya ako at hagurin sa likuran. Sinabi niya pa kung paano niyang sinisi ang sarili sa nangyari pero paulit-ulit ko naman 'yong itinanggi.

Ang mga Moon ang huling lumapit sa 'kin at para bumati. Syempre, hindi mawawala ang kainosentehan ni Maxrill na tinusok-tusok pa ang dibdib ko gamit ang barbecue stick. May hawak pa itong dalawang barbecue sa kabilang kamay at ngumunguya habang nakikipag-usap sa 'kin. Hindi rin nawala ang mga paalala ni Maxwell habang kinukumusta ako. Gano'n na rin sina More at Maze na panay ang habilin na sa susunod ay mag-ingat na ako. Si Chairman Moon ay may iniregalo sa akin na nakalagay sa sobre, bukas ko na lang daw tingnan iyon. Si Mokz naman ay kinuwestyon na muna ako kung bakit hindi ko nagamit ang mga itinuro niya sa 'kin bago ako nagawang kumustahin.

Napakasarap sa pakiramdam, hindi ko talaga inaasahan ang ganitong kainit na salubong sa pagbabalik ko.

Isang tao na lang ang hinihintay ko at hindi ko na sinayang pa ang sandali. Agad kong itinuon ang paningin sa kaniya dahilan para maagaw naming pareho ang atensyon ng lahat.

Agad na nangibabaw ang panunukso sa ilan. Ang mga kaibigan naman namin ay nanatiling nakatingin lang. Parang nakaramdam naman si Taguro kaya nilingon niya rin ako. Bahagya pa siyang ngumiwi nang makitang ang lahat ay nakatingin na sa kaniya. At saka parang lalaki na tumayo at dahan-dahang naglakad papalapit sa akin.

Syempre, grand entrance dapat ang sa kaniya! Tch!

Simpleng t-shirt at maong pants na butas-butas ang suot niya. Ang buhok niya ay medyo wavy at nakaladlad. Wala ring palamuti ang mukha niya, pero agaw-atensyon ang mapula niyang labi. Gamit niya iyong sneakers na madalas niyang isuot at ang dumi-dumi no'n ngayon. Pero kahit gano'n ay napakaastig pa rin niya.

Isang dipa pa ang layo niya sa 'kin pero agad na nanuot sa ilong ko ang pamilyar na amoy ng kanyang pabango.

"Baby babe!" agad kong sigaw na ikinagulat nito.

"Tss."

"Baby babe, my baby babe, my one and only, baby babe!" pakanta kong sabi.

"Omo! Yieee!" sunod-sunod na tango ni mommy na sinabayan pa ng mahinang palakpak.

"Hello, Taguro...*ko*! Hehe!" bati ko.

"Hi." Ang angas na naman ng dating niya. Naramdaman ko ang isa-isang pag-alis ng mga nakapaligid sa amin. Nagkani-kaniyang pwesto ang mga ito malayo sa 'min. **"Kumusta?"**

"'Eto, kinikilig."

"Tss."

Ngumuso ako. **"Ikaw ba?"**

"Ayos naman ako."

"Hindi. Ibig kong sabihin, ikaw ba, kinikilig din?"

"Hindi."

Napanganga ako. *Ano pa nga ba ang aasahan mo, Deib Lohr?* **"Grabe ka! Manhid!"**

"Kumain ka na." Walang emosyon niya iyong sinabi.

"Babe..." Sinundan ko si Taguro, matagal bago niya nagawang lumingon sa 'kin. Napangiti ako at tiningnan ang maganda niyang mukha.

"Oh?" ngumiti siya sa 'kin.

Hindi ko na napigilan ang sarili ko, patakbo akong lumapit at yumakap sa kaniya. **"Na-miss kita nang sobra, Taguro,"** pabulong kong sabi.

Agad ay naging emosyonal ako, parang anumang oras ay maiiyak ako. Napakasarap sa pakiramdam na makita siya at lalo pa ngayong kayakap ko na siya. Walang sandaling nawala siya sa isip ko, at gano'n na lang ang saya't tuwa ko nang sa wakas ay magkasama na uli kami.

"I'm so happy to see you again, babe," muling bulong ko, hinigpitan ang pagkakayakap sa kaniya.

Bahagyang nawala ang ngiti ko nang wala man lang akong naramdamang ganting yakap mula sa kaniya. Pero inalis ko agad 'yon sa isip ko at inalalang siya nga pala si Taguro. Ang mayabang na si Taguro.

Maraming tao dito kaya 'wag kang umasa na ibababa niya ang yabang niya, Deib!

Kumalas ako sa pagkakayakap at nakangiting tumingin sa kaniya. Kinuha ko ang mga kamay niya at inilagay ang kaliwa sa dibdib ko. Napatitig siya sa kamay niyang nasa dibdib ko, animong pinakikiramdaman ang tibok doon. Dahan-dahan siyang nag-angat ng tingin at napangiti ako nang magtama ang mga mata namin.

"Malakas na uli ang puso ko, babe." Nakakahiya man pero namasa talaga ang mga mata ko. Pakiramdam ko kasi ay siya na ang pinakamasayang tao ngayon dahil sa ibinalita ko. **"Hindi ka na dapat malungkot kasi magaling na 'ko, babe. Matibay na uli ang puso ko. Hindi na bibigay 'to kahit saktan pa nila 'ko nang paulit-ulit."**

"Good for you," ang tanging naisagot niya.

Sandali akong natigilan pero bumawi agad ako, ngumiti ako sa kaniya at mas hinigpitan ang pagkakahawak sa kamay niya.

"Ikaw ang nakaisip nitong party na 'to, babe?" sabi ko habang iginagala ang paningin sa kabuuan ng backyard.

"'Yong ate mo."

"'Sabagay, pangit nga pala ang taste mo kaya imposibleng makaisip ka nang ganito kagandang design," sabi ko habang iginagala ang paningin. 'Tsaka pa lang ako nagbaba ng tingin sa kaniya nang masabi ko na lahat 'yon.

Walang nagbabago sa itsura niya, nananatili iyong blangko at parang walang gana. Muli ay hindi ko 'yon pinansin. Inakbayan ko siya, habang hawak pa rin ang isang kamay niya, 'tsaka ko siya inakay papalayo sa mesa ng mga pagkain.

Nagpaakay siya sa 'kin pero nilingon niya ako nang dalhin ko siya sa mismong gitna ng lahat. Lalo siyang natigilan nang nakangiti ko siyang iharap sa 'kin at ilagay ang dalawang kamay niya sa magkabila kong balikat. Napatingin siya sa mga kamay ko nang ilagay ko ang mga 'yon sa bewang niya.

"Maganda 'yong kanta, hayaan mong isayaw kita," nakangiti ko pa ring sabi, hindi mawala ang kinang sa mga mata.

"Baka mapagod ka," nag-iwas siya ng tingin at bumuntong-hininga.

"Malakas na 'ko, babe, kaya ko na," sabi ko na sinimulang isayaw siya nang mabagal. Paikot-ikot at para lang gumagalaw.

Girl, I think you're truly something. And you're, you're every bit of a dream come true. With you, babe, it never rains and it's no wonder the sun

always shines when I'm near you. It's just a blessing that I have found somebody like you.

"Magpahinga ka na lang sa loob," aniya na akmang aalisin ang mga kamay sa balikat ko.

Pinigilan ko 'yon at saka ako ngumuso. **"Kahit ngayon lang, babe, na-miss talaga kita."**

Bumuntong-hininga na naman siya. **"Ikaw ang bahala."**

"Hindi mo ba 'ko na-miss?" nakangisi kong tanong, nang-aasar.

Nagbaba lang siya ng tingin at muling bumuntong-hininga. Nangunot ang noo ko pero hindi ko na lang uli 'yon pinansin. Hindi ko inalis ang paningin ko sa kaniya, panay pa rin ang pagngiti ko. Parang hindi kasi ako makapaniwalang nasa harap ko na uli siya, nahahawakan ko at gumagalaw kaming pareho.

"No'ng inooperahan ako, sobra 'yong takot na naramdaman ko."

Mayamaya ay nagsimula akong magkwento na para bang totoong nakita ko ang mga iyon. Habang ang paningin ay nasa kung saan na nakatulala kong tinitingnan.

"Bago kasi ako makatulog ay narinig ko ang mga sinabi ng doktor—siya rin 'yong doktor na tumingin at nag-opera sa 'kin noon. Pamilyar siya sa 'kin, tumanda siyang tingnan pero hindi ko siya nakakalimutan."

Nakangiti akong nagbaba ng tingin sa kaniya, nanatiling nakaiwas ang tingin niya. Animong napakalalim nang iniisip at hindi magawang salubungin ang mga titig ko. Muli akong napangiti dahil sa magandang pakiramdam na idinudulot sa 'kin ng presensya niya.

"Ang sabi niya sa mommy't daddy ko ay mababa raw 'yong chances na maka-survive ako,"bumuntong-hininga ako. **"Umiyak ako no'n, sa totoo lang,"** bahagya pa akong natawa. **"Sobra na nga 'yong kaba ko tapos may maririnig ka pang gano'n? Parang...wow!"** Napapailing ko pang sinabi 'yon. **"'Tapos alam mo ba?"**

Nag-angat siya ng tingin sa 'kin. **"Ano?"**

"Bukod sa mahal kita," natawa pa ako. **"Nahirapan silang humanap ng blood donor ko, hindi ako nag-match kay daddy. Masyado namang mababa 'yong BP ni mommy. Marami rin daw nakitang dahilan kung bakit hindi siya pwedeng mag-donate. They both cried in pain. Sinisisi nila 'yong sarili nila at panay ang sorry nila sa 'kin. Kapag sa medical**

mission daw ay nagagawa nila ang lahat, pero pagdating sa 'kin, wala raw silang pakinabang."

Pakiramdam ko ay muling bumabalik sa kasalukuyan ko ang nangyari nang sandaling 'yon. Naaalala ko na naman ang takot na naramdaman ko, pakiramdam ko tuloy ay nararamdaman ko uli 'yon ngayon.

"Ang sabi pa ng doktor ay biglaan daw masyado 'yong pagdating ko para magpaopera, hindi tuloy nila napaghandaan. Kung nakapagsabi raw nang maaga ay nahanapan na agad ako ng donors bago pa ako dumating. Kaya 'ayun, tumagal ako ro'n. Imbes na one month lang ay naging six weeks."

Nang muli ko siyang tingnan ay nasa malayo na ang paningin niya. Hindi ko alam kung ano ang iniisip niya pero ang gusto ko lang ngayon ay maibahagi sa kaniya 'yong nangyari habang wala ako. Gusto kong malaman niya lahat nang nangyari sa 'kin bago at habang inooperahan.

"Dahil mabait sa 'kin ang Diyos ay binigyan niya 'ko ng panibagong buhay," ngumiti ako nang todo habang ang paningin ay nasa malayo na naman. **"Biruin mo ang daming hassle no'n. Bukod do'n sa wala akong blood donor ay biglang bumagsak 'yong resistensya ko sabi ng doktor. Muntik nang maudlot 'yong operasyon kasi hindi raw kakayanin ng katawan ko. Pero dalawang araw bago ako operahan ay bigla akong sumigla. Alam mo kung bakit?"**

Muli ay parang natitigilan siyang nag-angat ng tingin sa 'kin. **"Bakit?"**

"Kasi iniisip kita," nakangiti kong sabi habang nakatitig sa mga mata niya. **"Totoong hindi ka nawala sa isip ko, babe. Lalo na 'yong kinantahan mo 'ko? Parati kong naririnig sa isip ko 'yon! No'ng oras na 'yon ay iniisip ko kung ano ang mararamdaman mo kapag nawala ako. Kaya sabi ko sa sarili ko ay kailangan kong maging malakas. Kailangan kong magpaopera. Kailangan kong gumaling. Para sa 'yo."**

"Bakit sa 'kin?" malamig niyang tanong.

Sandali akong natigilan. **"Dahil mahal kita."**

"Ako ba ang nasa katawan mo?"

Bahagya akong natigilan. **"Ha?"**

Bumuntong-hininga siya. **"Nagpaopera ka dahil 'yon ang kailangan mo, at hindi dahil sa 'kin."**

"Oo nga, babe, pero ikaw ang dahilan ko para maging malakas. Para lumaban. Para kayanin ang lahat. Totoong ikaw ang dahilan ko, babe," nakangiti ko pa ring sabi.

Bumuntong-hininga uli siya at saka nag-iwas ng tingin. Hindi ko maramdaman ang bigat ng mga kamay niya sa balikat ko. Pakiramdam ko ay sinasadya niyang pagaanin ang mga 'yon para hindi gaanong sumayad sa mga balikat ko.

Wala siguro siya sa mood, Deib. Hindi ko alam kung bakit bigla ay nakaramdam ako ng lungkot. Pero sinikap ko pa ring ngumiti at 'wag 'yong pansinin. *Kailangan mong gumawa ng paraan para gumanda ang mood niya.*

"Hindi mo alam kung ga'no mo 'kong napasaya dahil dito sa sorpresa mo, babe," nakangiti kong iginala ang paningin ko sa magandang disenyo ng paligid. **"Hindi ko naisip na magagawa mo pa 'to kasi alam kong gaya ko ay wala kang ibang iniisip kundi ako. Salamat sa effort, babe. Ito na talaga ang ikatlong pinakamagandang regalo na natanggap ko. Una ay 'yong dumating ka sa buhay ko, ikalawa ay 'yong panibagong buhay na meron ako ngayon, ikatlo talaga 'to. At dahil do'n ay lalo kitang minahal, Maxpein. Mahal na mahal kita,"** kakatwa mang isipin ay emosyonal kong nasabi 'yon. Mula sa puso at kaluluwa ko.

Buntong-hininga agad ang isinagot niya at saka nag-iwas ng tingin. **"Hindi nga ako ang gumawa nito. Ate mo."** Nauubusan na agad siya ng pasensya.

"'Sus! Okay lang naman sa 'kin kung sabihin mong ikaw talaga, Taguro. Maiintindihan ko. Nakakakilig nga, eh, hehe."

"Hindi talaga ako," seryoso niyang sabi na deretso pang tumingin sa mga mata ko. **"Maupo na tayo."**

"Ha?"

"Hindi ka pa ba napapagod?"

Natigilan na naman ako pero pilit na pinalis agad 'yon. **"Sige,"** nakangiti kong sabi 'tsaka inalalayan siyang lumapit sa mesa kung nasa'n ang pareho naming pamilya.

Nakangiti kaming pinanood ng mga nakaupo ro'n. Inalalayan ko si Taguro paupo at saka ako naupo sa tabi niya. Matagal akong tumitig sa kaniya bago ko nagawang gantihan ng ngiti ang lahat ng naro'n.

"It's really nice to see you again, bro," ani Randall, hindi rin mawala-wala ang ngiti sa labi niya.

"Salamat," sabi ko na muling nilingon si Taguro. **"Pero 'yong makita uli ang girlfriend ko ang pinakamasarap na pakiramdam na**

naramdaman ko."

"Wooh! Panis!" biro ni Randall, natawa kami.

"Ang kaso ay parang hindi niya 'ko nami-miss," nakangiti ko 'yong sinabi pero parang gustong mamasa ng mga mata ko. Niliitan ko ang mga mata ko para hindi 'yon mahalata at saka ako nag-iwas ng tingin.

Naramdaman kong natigilan si Taguro pero hindi ko na lang uli 'yon pinansin. Ang totoo ay ayaw kong mawala 'yong magandang pakiramdam na idinudulot ng kasalukuyan sa dibdib ko. Gusto ko lang namnamin ang sandali dahil hanggang ngayon ay hindi pa rin ako makapaniwalang nandito na uli ako at humihinga nang ayos.

Para akong nagkaro'n ng panibagong lakas at dahilan para mabuhay. Pakiramdam ko na naman ay panibagong buhay 'tong ibinigay sa 'kin, kahit gano'n naman talaga. Kaya ayaw kong sayangin ang bawat sandali lalo at nasa tabi ko si Taguro.

Pero ang katotohanang napapansin ko ang malamig na pakikitungo niya ay pinakatatago ko sa likod ng utak ko at dulo ng puso ko. Ayaw kong magtanong.

NGUNIT hindi ko inaasahang ang malamig niyang pakikitungo na iyon ay hindi mawawala hanggang sa matapos ang party. At hindi pa siya nakontento dahil nagtagal iyon ng ilang araw hanggang sa dumaan ang isang linggo.

Kailangan kong magpahinga ng dalawa hanggang tatlong linggo ayon sa doktor na nag-opera sa 'kin. Sa loob ng panahon na 'yon ay imo-monitor pa rin nila ako sa pamamagitan ng pakikipag-usap sa mga doktor na tumitingin sa akin sa bahay. Bantay-sarado ako nina mommy't daddy, Randall at Noona, maging nina Chairman at Lolo. Maya't maya ay naaabala ang isip ko kaya hindi ko magawang tutukan ang pag-iisip kay Taguro. Dahil kailangan kong magpahinga ay hindi ko pinagod sa sobrang pag-iisip ang utak ko. Ang lungkot ay pilit kong inaalis nang paulit-ulit sa puso ko. Kailangan ko ng disiplina at naging napahirap niyon para sa akin.

Noong una ay dumadalaw siya. Pero wala siyang ipinagbago mula no'ng una kaming magkita nitong makabalik ako galing Amerika. Malamig pa rin ang pakikitungo niya sa 'kin at mas nanlamig pa. Hindi siya nagte-text at mas lalong hindi siya tumatawag. Sa t'wing kukumustahin ko siya sa mga kaibigan ko ay walang maisagot sa 'kin, busy raw sila. Kapag ang malalapit namang kaibigan niya ang bumibisita sa 'kin ay halos ibahin nila parati ang

usapan kapag siya na ang nabanggit ko. Nagpapanggap lang akong hindi nakakahalata pero hindi lang talaga ako nagsasalita.

Ang tanong ay nananatili sa isip ko. At hindi iyon nawawala doon.

Ano ang nangyayari, Taguro? Bakit nagkakaganito tayo?

Natatakot ako. Wala akong maisip na dahilan para magkaganito kami. Hindi nawawala sa isip ko iyong huling pangyayari bago ako pumunta sa Amerika. Lalo na iyong sandaling kinantahan niya ako, iyong emosyon na ibinuhos niya no'n kahit magkausap lang kami sa telepono ay hinding-hindi makakalimutan ng puso ko. Pero hindi ko maintindihan para umasta siya nang ganito sa akin ngayon.

Hanggang sa dumating ang ikatlong linggo, araw iyon ng Lunes. Pumasok ako at eksaktong nakasabay ko si Taguro sa parking lot. Nagkataon lang na nauna siya at hindi ako nakita.

"Babe," hinabol ko siya at hinawakan sa braso. Gulat siyang napabaling sa 'kin pero mabilis ding nagbago ang reaksyon sa mukha niya.

Walang mababasang emosyon sa mukha niya nang mag-angat siya ng tingin sa 'kin. Napabuntong-hininga ako at umayos ng tayo para harapin siya. Nanatili siyang nakaangat ng tingin sa 'kin at blangko ang mukha.

"Babe," muling sabi ko, nagugulat nang todo. Sunod-sunod ang naging pag-iling ko wala pa man. **"Babe, sabihin mo nga sa 'kin, nalilito na ako, eh. May problema ba tayo?"** halos mautal kong tanong. Sobra akong nanlulumo. Ang mukha ko ay paniguradong problemado.

Pero hindi ako nakatanggap ng sagot. Matagal niya akong pinagmasdan na para bang may sinasabi siya sa 'kin gamit ang utak. Pakiramdam ko tuloy ay ang tanga-tanga ko na naman dahil hindi ko 'yon makuha.

"Babe, please tell me, do we have a problem?" paglilinaw kong tanong.

"Bakit? Sa tingin mo ba ay meron?"

Napabuntong-hininga ako, bigla akong kinabahan. **"Pakiramdam ko kasi ay masyado kang malamig sa 'kin. Simula nang dumating ako galing sa States ay ganito ka na. Did I do something wrong? Bakit ka ganito sa akin?"** May kirot agad akong naramdaman sa dibdib ko. **"May problema ba?"**

Umayos siya ng tayo at hinarap ako. **"Bakit hindi mo tanungin ang sarili mo?"**

"Sarili ko?"

"Oo," natawa siya. **"Ano ba 'yong ginawa mo sa 'kin?"**

Natigilan ako nang sobrang tagal habang nakatitig pa rin sa kaniya. **"Taguro..."**

"Oh?"

Sunod-sunod na naman ang naging pag-iling ko. **"Naguguluhan ako."**

"Anong gagawin ko?" napakalamig niyang makitungo talaga.

"Linawin mo sa 'kin, please. Gusto kong malaman, may problema ba tayo?" nagsisimula na akong mag-alala nang sobra. **"At oo at hindi lang ang sagot, babe."**

"Nakalimutan mo na agad?"bahagyang nakangising tanong niya.

"Ang alin?" hindi ko na naiwasang mautal.

Matagal siyang tumitig sa 'kin, para bang nagsisimula nang magalit dahil may bagay akong nakalimutan sa 'min. Kung ano man 'yon ay hindi ko maalala dahil hindi naman na ako magtatanong kung tanda ko pa 'yon. Nalilito ako masyado.

Nang gabing iyon ng pagdating ko, sa party ay napapansin ko na ang panlalamig niya pero mas pinili kong bale-walain 'yon. Unang-una kasi ay ayaw kong sirain ang magandang mood, ikalawa ay mas gusto kong lokohin ang sarili ko. Gusto kong isipin na wala akong napapansin. Dahil ang katotohanang nararamdaman ko ang panlalamig niya ay masakit para sa akin. At ikatlo ay ayaw kong mag-usap kami nang ganito sa harap ng pamilya naming pareho.

"Babe...okay naman tayo, 'di ba?" umaasa kong tanong nang hindi siya magsalita.

"Bago mangyari ang mga nangyari, oo, ayos tayo."

"Hindi ko maintindihan, babe." Umiling ako nang umiling.

"Kailan ka ba nakaintindi?"

"Babe..." Nagugulat ako sa kaniya.

"Hiwalay na tayo, 'di ba?"

Parang binambo bigla ang dibdib ko. Agad na nag-init ang magkabilang gilid ng mga mata ko pero agad ko rin 'yong pinigilan. Pinakatitigan ko siya at saka ako humakbang para mas mapalapit pa sa kaniya.

Napabuntong-hininga ako, hindi ko agad nagawang makapagsalita. Sandali pa akong napaisip habang nagkakamot sa likuran ng tenga. Napalunok ako 'tsaka muling tumitig sa kaniya.

"Pero hindi ba't sinabi mong pagbalik ko ay ayos na tayo, babe?" umaasa pa ring tanong ko. **"Sinabi mo 'yon, babe."**

Umiling siya. **"Hindi ko matandaang gano'n ang sinabi ko, Deib."**

Muli akong natigilan, naguguluhan nang sobra at kinakabahan. **"Pero bago ako umalis papuntang Amerika ay okay tayo, babe. Sinabi mo pa ngang mahal mo 'ko, 'di ba? Kinantahan mo pa ako. A-Anong nangyari bigla ngayon?"**

"Saan?"

"Ang lamig mo sa 'kin, eh, tapos...ganiyan pa ang sinasabi mo." Nangibabaw na naman ang kirot sa dibdib ko. **"Ano ba ang problema, babe?"** malumanay kong tanong. **"Sabihin mo sa 'kin, please?"**

"Ano ba ang mahirap intindihin sa salitang hiwalay?" pabalang niyang sagot. **"Hiwalay na tayo, Deib. Nakipaghiwalay na 'ko sa 'yo. At hindi 'yon problema,"** peke ang ngiting aniya. **"Katotohanan 'yon."**

Muli akong natigilan, hindi agad makain ng sistema ko ang mga sinasabi niya. Parang ayaw kong maniwala sa mga nangyayari, ayaw kong paniwalaan ang mga sinasabi niya.

Sandali akong nag-isip, pero hindi ako makapag-isip nang ayos dahil naghahalo-halo ang lahat sa utak ko. Pilit kong inaalala 'yong mga sinabi niya no'ng huli. At nang malinawan ako ay nag-aalala akong tumitig sa kaniya.

"Gusto mo bang ligawan ulit kita, babe?" hindi ko malaman kung bakit parang nasasaktan na agad ako.

Calm down, Deib. Gusto niya lang sigurong suyuin mo siya dahil 'yon naman talaga ang mas tamang gawin. Don't worry, she loves you.

"'Yon ba ang sinabi ko?" parang nagliwanag pa kunyari ang mukha niya, tumingin sa kung saan bago nagbalik ng tingin sa 'kin. **"Hindi ko na matandaan."**

Napamaang ako. **"Ang sabi mo sa 'kin bago ako umalis, babe, magpaopera ako. 'Tapos ay bumalik ako dito at bawiin kita. 'Yon ang sabi mo sa 'kin, babe. Kung nakalimutan mo na ay ipapaalala ko sa iyo lahat, babe."**

"Okay."

"Anong okay, babe?"

"Okay...binabawi ko na."

"Ha?" natutuliro kong sagot.

"Binabawi ko na 'yong sinabi kong 'yon."

"Ano? Bakit?"

"Anong bakit?"

Natutuliro akong tumitig sa kaniya. **"Binabawi mo na?"** tanong ko, sinagot niya ng tango. **"Ibig mong sabihin ay tayo na uli?"**

Natawa siya. **"Ang slow mo talaga."**

Para na namang tinampal ang dibdib ko. **"Eh, ano ba?"**

Huminga siya nang malalim 'tsaka muling seryosong tumitig sa 'kin. **"Ibig kong sabihin ay binabawi ko nang may sinabi akong gano'n. Hiwalay na tayo at hanggang doon na lang 'yon—"**

"Taguro," pigil ko sa kaniya, kunot na kunot ang noo at sobra nang naguguluhan. **"Ano ba ang nangyayari sa 'yo?"**

"Sa 'kin? Bakit sa 'kin?"

"Bakit mo sinasabi ang mga 'yan?"

"Dahil 'yon ang laman ng isip ko, Deib."

"Oo nga pero..."

Natitigilan akong napatitig sa kaniya, hindi ko na malaman kung anong itsura ko. Basta ang alam ko lang ay sobra na akong nag-aalala. Hindi ko malaman kung nagbibiro ba siya o seryoso. Ayaw kong isiping seryoso siya dahil nasasaktan ako. Pero ang mga sinabi at ginawa niya bago ako umalis at habang nasa Amerika ako ang pinanghahawakan ko.

Hindi pwedeng panaginip lang ang mga iyon! Narinig ko 'yon mismo! Sinabi niya sa 'kin lahat 'yon! Alam ko! Sigurado ako!

Hindi ko inaasahang mag-iinit ang mga mata ko. **"Akala ko kasi pagbalik ko ay okay na tayo, babe."**

"Okay naman tayo."

"'Yong tayo na ulit."

"Wala akong sinabing gano'n."

Umiling ako nang umiling. **"Pero papayag kang ligawan kita ulit, 'di ba? Ayos lang sa 'kin, babe. Gagawin ko lahat. Mas mag-e-effort ako para sagutin mo lang ako. Kahit na gaano katagal, maghihintay ako. Sagutin mo lang ako."**

"Kahit 'wag na." Hindi ko alam kung paano niya pa nagawang ngumiti nang sabihin iyon. Natigilan ako at napatitig sa kaniya. Pilit ko pa ring sinasabi sa sarili kong nagpapasuyo lang siya. Na kaya siya nagkakaganito ay dahil nagtatampo pa rin siya sa akin.

"May chance pa ako, 'di ba?"

"Deib, tigilan mo na."

"Pero, babe..."

"Alin ang hindi mo maintindihan sa sinasabi ko? Ano ang hindi mo maramdaman sa mga ipinararamdam ko? Kailangan ko pa ba talagang isa-isahin at idetalye sa 'yo?"

Sobra akong natigilan. Ipinaramdam niya na sa akin nang paulit-ulit kung gaano akong katanga at nagagawa niya pang isampal sa 'kin ang katotohanang 'yon ngayon.

Sandali kaming nagtitigan. Inayos ko ang sarili ko at sunod-sunod akong bumuntong-hininga bago nakapagsalita.

"Kung gano'n ay hindi ka masaya na makita ako nang gabing 'yon sa party?"

"Masaya naman. Syempre, isang kakilala na nakita mo uli, gano'n."

Kakilala...wow. Tumingala ako dahil hindi ko siya magawang tingnan. At sobrang sakit na. **"Taguro..."**

"Oh?" parang maiinis nang tugon niya.

"Nalilito ako."

"Saan na naman? Ang dami mo kasing inuusisa kaya lahat na lang ikinalilito mo."

Umayos uli ako ng tayo at hinawakan ang magkabilang kamay niya. **"Liligawan uli kita, babe. Paghihirapan ko uli ang sagot mo. 'Wag ka lang maging ganito kalamig sa 'kin, please?"**

"Ganito talaga ako, Deib."

"Hindi ka ganito sa 'kin."

"Ganito ako," giit niya. **"Ganito ako bago mo 'ko makilala. Nakalimutan mo na rin ba?"** seryosong-seryoso talaga siya.

"Oo nga pero nagbago ka dahil sa 'kin, 'di ba?"

"At bumalik din ako sa dati nang dahil sa 'yo," pandederetso niya. **"Paprangkahin na kita, ah?"** patanong niyang sabi, agad akong kinabahan. **"Kasi mukhang hindi mo maiintindihan ang pabalang kaya kailangan ko pang sabihin sa 'yo sa simpleng salita para lang makaintindi ka."**

"Babe..."

"Lahat nang sinabi ko sa 'yo sa ospital bago ka umalis...lahat 'yon ay sinabi ko lang para pumayag kang magpaopera. Ayaw ko kasing makonsensya. Pero bukod do'n, wala na. Wala na akong dahilan para balikan ka."

Bigla ko siyang nabitiwan. **"Hindi totoo 'yan,"** umiiling ko pang sabi.

Hindi nawawala sa 'kin ang deretso niyang tingin. **"'Yon ang totoo, Deib."**

"Hindi ako naniniwala sa 'yo, Taguro."

"Eh, di 'wag," nag-iwas siya ng tingin.

Nanatili akong nakatitig sa kaniya, kung ano nang itsura ko ay hindi ko alam. **"Babe, please naman, oh? Itatama ko ang lahat. Handa akong bawiin ka. Handa akong dumaan uli sa paghihirap mapasagot ka lang uli. Handa akong gawin lahat, bumalik ka lang sa 'kin."**

Naging marahan ang pagbabalik niya ng tingin sa 'kin. **"Pero hindi ko na alam kung paanong ibabalik 'yong nararamdaman ko sa 'yo."**

"Taguro..."

"Wala na 'kong dahilan para bumalik sa 'yo. Wala na 'kong babalikan sa 'yo."

"Mahal mo 'ko, 'di ba? 'Yon ang babalikan mo sa 'kin, babe. 'Yon ang dahilan para balikan mo ako, Taguro."

"'Yon mismo ang nawala sa puso ko," para siyang matatawa nang sabihin 'yon.

"Ano ang ibig mong sabihin?" seryoso kong tanong, pilit na nilalabanan ang nagsisimulang mangibabaw kong emosyon.

"Hindi mo na naman nakuha?" nakakainsulto niyang tanong 'tsaka tumawa. Ngumiti siya at muling nag-iwas ng tingin sa 'kin. **"Kung ako ang nakita mong may ginagawang masama kasama ang lalaking pinagseselosan mo, matatanggap mo pa rin ba 'ko?"**

Hindi ko nagawang sumagot agad, napatitig ako sa kaniya nang malalim na nagawa niya namang labanan. **"Bakit ko naman hahayaang mangyari sa 'yo 'yong nangyari sa 'kin?"**

"Oo at hindi lang ang sagot, Deib."

"Babe, hindi mo alam ang pinagdaanan ko nang gabing 'yon. Akala ko ay naipaliwanag ko na sa 'yo lahat? Ang sabi mo sa 'kin ay naniniwala ka sa 'kin? Ano ang nangyayari sa 'yo ngayon?"

"Oo at hindi lang ang sagot, Deib," mas mariin niyang ulit.

"Oo!" Matapang kong sagot. Nagsisimula nang mamasa ang mga mata ko. **"Kahit lokohin mo 'ko, kahit saktan mo 'ko ay tatanggapin pa rin kita, Taguro. Tatanggapin pa rin kita dahil mahal kita."**

Mapakla ang ngiting iginanti niya sa 'kin. **"Pwes ako, hindi."**

"Taguro," nanlulumo kong pagtawag.

"Hindi ako tulad mong tanga, Deib," mariin niyang sabi, para 'yong kutsilyong ibinaon niya mismo sa dibdib ko.

Hindi ko na napigilan ang pamumuo ng mga luha sa mata ako. **"'Wag mo naman akong pagsalitaan nang ganiyan, babe?"** nakikiusap kong sabi.

"Hindi mo alam 'yong sakit," nangingiti pang aniya. **"Hindi mo alam kung ga'no kasakit,"** mas mariing sabi niya 'tsaka sumeryoso. **"Napakasakit dahil ako na nga 'yong nasaktan, ako pa 'yong kailangang magsinungaling para lang madugsungan 'yang buhay mo,"** animong sising-sisi niyang sabi.

Mabilis akong nasaktan. Ang bawat salitang binitiwan niya ay parang bubog na isa-isang itinutusok sa dibdib ko. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang mangyari nito ngayon. Ayaw kong tanggapin.

"Naiintindihan kong nasaktan ka," kunot-noong dagdag niya nang hindi ako makapagsalita. **"Ikaw, naintindihan mo bang nasaktan din ako?"**

"Nag-sorry naman ako, 'di ba?"

"King inang sorry 'yan!" natawa siya at nag-iwas ng tingin. **"Dahil do'n sa ginawa mo ay nasaktan ako nang paulit-ulit! Nawala ang tiwala ko sa 'yo, Deib! 'Tapos 'yan lang ang masasabi mo? Sorry?"** mas madiin at nagagalit niyang sabi. **"Sorry ba ang bumubuo sa nararamdaman ng tao? Sorry ba ang pundasyon sa tiwalang ibinibigay sa tao? Kaya ba 'yan ang sinasabi mo ay para maibalik uli ang mga 'yon? King inang sorry 'yan!"**

"Pero sana ay sinabi mo sa akin, Taguro. Sana ay sinabi mo para naitama ko. Sana ay binigyan mo ako ng pagkakataon—"

"Paano ko magagawa 'yon kung nakaratay ka ro'n?" itinuro niya ang gawi ng ospital.

Hindi ko nagawang magsalita, hindi ko malaman kung ano ang sasabihin ko sa kaniya. Masiyado akong umasang magkakaayos kami sa pagbalik ko, hindi ko napaghandaan ang ganito.

"Kung gano'n ay hindi mo na rin sana sinabi sa 'king okay lang kahit hindi naman pala."

"Ako pa pala ngayon ang mali?" sarkastiko niyang tanong. **"'Yong pagsisinungaling ko ay para rin sa 'yo. Nakakabaliw, 'di ba? Ako 'yong niloko mo pero sa huli ay may ginagawa pa rin ako para sa ikabubuti mo."**

"'Wag mo namang isumbat sa 'kin 'yan, pakiramdam ko ay sising-sisi ka dahil nadagdagan ang buhay ko, eh." Sinikap kong sabihin 'yon nang hindi ipinakikitang masyado akong nasasaktan. **"Pero sobra naman yata 'to, Taguro? Bakit hindi mo ako bigyan ng ikalawang pagkakataon? Alam mo naman kung gaano kita kamahal, 'di ba?"**

"Ang kapal ng mukha mo." Matagal man bago niya nasabi iyon ay naramdaman ko naman ang diin. **"Hanep, ka rin, eh, 'no? 'Sabagay, 'yan ka, eh. Demanding."**

"Sorry," sinsero ko iyong sinabi. Mabilis no'ng pinangilid ang mga luha ko. **"Alam ko kasing mahal mo ako kaya kahit mag-demand ako ay hindi mo iisiping demand 'yon. Kasi nga mahal mo 'ko, 'di ba? Kapag mahal mo ang isang tao ay hindi mo susukatin 'yong mga bagay na nagagawa mo sa kaniya. Kasi ginawa mo 'yon nang kusa. Kasi mahal mo siya. Kasi mahal mo ako, Taguro. Bakit ganito ka manumbat sa 'kin ngayon?"** dere-deretso kong sabi. **"Alam mo ba kung gaano mo akong nasasaktan ngayon dyan sa mga sinasabi mo? Kagagaling ko lang sa operasyon, Taguro."**

"Sino ba ang lumapit sa 'kin ngayon? Sinabi ko ba sa 'yong kausapin mo 'ko?"

"Dahil nahahalata kong malamig ka sa 'kin kaya ginawa ko 'to!"

"Kung gano'n ay ikaw ang naglalagay sa sarili mo sa peligro, at hindi ako."

"Taguro naman, oh. 'Yong ginawa ko, handa akong itama lahat 'yon. Ngayon ay nagsisisi na ako at handa pa akong magsisi hanggang sa makontento ka. 'Wag mo lang akong ganituhin, oh?" naluluha nang pakiusap ko.

Wala akong pakialam kung sino ang makakita at makarinig sa 'min. Sa ngayon ay siya lang ang nakikita ko. Kaming dalawa lang ang humihinga ngayon dito.

"No'ng una ay iniwasan mo 'ko, bale-wala sa 'kin kung magmukha akong tanga kahahabol sa 'yo. Kahit nakakahalata ako ay naniwala akong busy ka, wala pa rin akong pakilam kahit magmukha akong tanga kahihintay sa 'yo. Ipinaglaban kita sa lahat. Lahat ng kaya ko ay ginagawa ko para sa 'yo, Deib. Lahat ay ibinibigay ko sa 'yo. Maliban sa isang bagay na 'yon na hindi ko magawang ibigay...kaya sa iba mo hinanap."

"Hindi totoo 'yan, Taguro," seryoso kong sabi, pilit na namang nilalabanan ang emosyon.

"'Wag mo na 'kong lokohin," nakangiti siya ngumit makikitang nasasaktan. **"Kasi ang dami ko na masyadong pinaniwalaan sa 'yo."**

"Hindi kita niloko."

"Ano lang? Ginago? Tinarantado? Iniwan mo 'ko dahil hindi ka nakontento!"

"Ganiyan ba talaga ang tingin mo sa 'kin?"

"Dahil do'n sa ginawa mo, oo."

Nag-iwas ako ng tingin, matagal akong tumitig sa kawalan at nag-isip. Paulit-ulit akong huminga nang malalim at saka muling tumingin sa kaniya. Nababasa ko ang galit sa mga mata niya pero hindi ko magawang matakot.

"Kung alam ko lang ay hindi na sana ako nagpaopera." Nasabi ko 'yon nang hindi ko namamalayan. Nasa mga kamay niya ang paningin ko. **"Umasa kasi ako na may babalikan ako."**

"Kung hindi lang ako ang masisisi sa huli ay hindi ko rin balak na puntahan ka nang araw na 'yon."

Nag-angat ako ng tingin sa kaniya. **"Hindi ko inaasahang aabot tayo sa punto na gagamitin mo sa 'kin 'yang mga ganiyang salita mo, Taguro. Masakit. Napakasakit."**

"Ganito ako kapag mababaw ang kausap ko. 'Yong simple sa 'kin, mahirap sa kanila."

Hindi ko nagawang sumagot, nagbaba ako ng tingin. Siya lang ang nakapagparamdam sa 'kin kung gaano kahina ang ulo ko. May kung anong bagay na nagsisimulang umangat mula sa dibdib ko at unti-unting bumabara sa lalamunan ko.

"Sa tingin ko ay umiwas na muna tayo sa isa't isa, mas makabubuti siguro 'yon sa 'yo, Deib," suhestyon niya, hindi ko na naman nagawang sumagot. **"Mauna na 'ko."**

Pinanood ko siyang talikuran ako pero sa sandaling 'yon ay mabilis na tumulo ang mga luha ko. Hindi pa man siya nakalalayo ay agad na akong humabol.

"Babe," humawak ako uli sa braso niya. Nagulat siya ng makita ako. **"Sorry kung nagkamali ako, 'wag mo 'kong iwan, babe. Please? 'Wag."**

Nabasa ko ang pag-aalala sa mga mata niya. **"Pero hindi ko na rin alam ang gagawin ko, Deib,"** kumunot ang noo niya.

"Kahit wala kang gawin, babe. Hayaan mong ako ang gumawa nang lahat, bumalik ka lang sa 'kin. Please? Gagawin ko lahat. Lahat-lahat. Kahit sabihan mo 'kong tanga, slow, bobo, okay lang, babe. Okay lang. Please?"

Umiiling siyang tumitig sa 'kin. **"Pero...wala na 'kong nararamdaman sa 'yo."**

Natigilan ako at napatitig sa kaniya. **"Imposible naman 'yon, Taguro,"** nanlulumo kong sabi.

"Wala na," namula rin ang mga mata niya na para bang maiiyak na. **"Nasimot na."**

"Babe...baka naman meron pa?" nasasaktan na ako nang sobra-sobra, hindi ko pa rin magawang pakawalan siya. **"Kahit kaunti?"**

Umiling siya. **"Wala na."**

"Hindi mo na 'ko mahal?"

"Hindi na."

"Kailan pa?"

"Ang alin?" wala na namang emosyong tanong niya.

"Kailan pa nawala 'yong nararamdaman mo para sa 'kin?"

"Ilang araw matapos mong gawin 'yon."

"No'ng pumunta ka sa ospital ay hindi mo na 'ko mahal?" nasasaktan kong tanong.

Tumitig siya sa 'kin at hindi sumagot. Pero dahil sa blangko niyang mukha ay para niya na rin akong sinagot nang "oo".

"Kasinungalingan na lang lahat 'yong sinabi mo no'n?"

"Ikaw pa rin ang mahal ko nang oras na harap-harapan mo 'kong saktan," nakangiting sabi niya habang nakatingin sa mga mata ko. **"Hindi pa rin nagbabago ang nararamdaman ko para sa 'yo no'n. Walang nagkulang sa pagmamahal ko."**

Doon nagsimulang mangilid ang mga luha niya at kahit pa anong pilit niyang ngumiti ay naipapakita niya ang tunay na sakit na kaniyang nararamdaman.

"Pero 'yong tiwala ko, 'yon ang nabawasan. 'Yon ang nabago at 'yon ang nasira, Deib. Noon ko lang nalamang may sandali palang nawala ako diyan sa puso mo at pinalitan ng panandaliang pangangailangan ng katawan."

"Hindi totoo 'yan, Taguro,"nagmamakaawa kong sabi. **"Paano mo ba 'ko paniniwalaan?"**

"Hindi ko na yata kayang maniwala sa 'yo."

"Maniwala ka sa 'kin, mahal mo 'ko, 'di ba?"

"Ayaw ko nang paulit-ulit na usapan, Deib."

"Ayaw kong maniwala sa sinasabi mo, Taguro. Nasasaktan ako."

"Mawawala rin 'yan, tingnan mo 'ko," nagyayabang niyang sabi.

Matagal akong tumitig sa kaniya, umaasa akong sa gano'ng paraan ay babawiin niya ang lahat ng sinabi. Pero nabigo ako.

"Hindi mo na rin ba hinihintay ang pagbabalik ko?" muling tanong ko.

"Ang totoo ay inabala lang ako no'ng kapatid mo para pumunta. Wala 'kong choice, eh. May gagawin nga sana 'ko no'n pero no'ng araw matapos no'n ko na lang ginawa."

Inabala... Napatango-tango ako at saka ako nag-iwas ng tingin. Hinayaan kong matuyo ng hangin ang mga luha sa mata at pisngi ko. Nakailang singhot din ako bago nawala ang namuong sipon sa ilong ko.

"Nasaktan kita. Hindi mo alam kung gaano kong pinagsisihan 'yon, Maxpein. Alam kong hindi ko na 'yon magagawang alisin sa puso't isip mo. At hanggang ngayon ay magso-sorry ako at sasabihin ko sa 'yo na hindi ko 'yon ginusto. Hindi ko 'yon hiniling. Dahil kung ginusto ko 'yon ay hindi ko na ipapahamak pa ang sarili ko, para lang makapagsinungaling sa 'yo." Dere-deretso ko uling sabi. **"Ayos lang sa 'kin na makipaghiwalay ka ngayon. Pero sana ay 'wag mo na uli akong iinsultuhin na para bang wala kang naramdaman kahit katiting sa 'kin. Dahil iyon ang mas masakit, Maxpein! Ang iparamdam mo sa akin na sobra kong tanga dahil nasaktan kita, matapos mong iparamdam sa 'kin na kaya ko ang lahat dahil may nararamdaman tayo sa isa't isa."**

Nanatiling blangko ang emosyon sa mukha niya. Ilang beses niya nang ipinakita sa akin iyon. Pero hindi na ako sanay ngayon. Dahil maging iyon ay nagagawa akong saktan ngayon.

"Hindi ko sasabihing kalimutan mo ang mga pagkakamali ko. Pero sana habang nagsasalita ka sa 'kin nang masakit ay hindi mo rin kalimutan 'yong mga magagandang bagay na ginawa ko."

Hindi ko malaman kung magagawa ko pa ba siyang tingnan. Bukod sa sakit ay nangibabaw ang pagkapahiya sa 'kin. Pakiramdam ko ay bigla niya ring sinimot ang emosyon sa dibdib ko kaya maging ang masaktan ay hindi na nito magawa.

"Sige," kaswal kong sabi.

Nagbaba ako ng tingin dahil iyon pa lang ang nasasabi ko pero agad na bumuhos ang aking mga luha. Pero hindi ko nagawang tumingin nang deretso sa mga mata niya.

"Kung sa huling pagkakataon ay 'yon lang ang magagawa ko para mapasaya ka," napakasakit para sa 'king sabihin 'yon. **"Kung ang nararamdaman ko lang ang kaya kong isakripisyo para hindi na kita masaktan pa. Sige, tatanggapin ko,"** doon ako deretsong tumingin sa mga mata niya kasabay ng pagtulo ng mga luha. **"Hiwalay na tayo."**

Matagal ang naging titigan namin, gusto kong paniwalaang nagulat din siya. Pero hindi ko na malaman ngayon kung ano ang mababasa sa mga mata niya. Bigla ay parang hindi ko makilala ang Maxpein na nasa harapan ko. Nawawala rin ako sa sarili ko.

Muli akong nagbaba ng tingin, hindi ko kayang tagalan ang wala niyang emosyong mukha. Hindi ko kayang makita na sa sandaling ito ay ako lang ang nasasaktan. At nang hindi ko na kinaya ay nauna na akong tumalikod sa kaniya. Sa isip ko ay ini-imagine ko na lang na sinusundan niya pa ako ng tingin kahit alam kong imposible na iyon.

No words can express how much I love you...and no words can express how hurt I am right now.

OceanofPDF.com

CHAPTER 209 : THE SUFFERING

MAX'S POV

~FLASHBACK~

"*Geumanhe,*" bulong ni Heurt, pinatitigil na ako sa ginagawa. Ngunit hindi ko siya pinansin.

Nanatili ang paningin ko sa aking kaharap. Nahihirapan akong pigilan ang mga kamay ko sa mga gustong gawin nito. Ganoon na lang ang takot at galit na mababasa sa mga mata ni Chairman Rewis habang pareho kaming nakatingin sa isa't isa. Parang anumang oras ay may bombang handang sumabog sa pagitan naming dalawa.

Gamit ang pareho niyang braso ay kinalas niya ang mga kamay kong nakahawak sa magkabila niyang kwelyo. Napaatras ako at nabigla sa hindi niya inaasahang pagkilos. Tiningnan ko ang kabuuan niya nang pareho kaming umayos ng tindig.

Walang ano-ano ay umatake siya, gamit ang isang kamay ay sinangga ko ang kaniyang sipa. Ngunit ang kamay niya ay kasimbilis ng sa akin nang magawa niya akong hilahin at ibalibag. Patalikod akong tumilapon. Hindi ko ipinahalata ang sakit nang likod ko ang tumama. Hindi pa doon natapos nang daklutin niya at ako sapilitan na itayo. Hinarap niya at ako pinagsusuntok, binabale-wala ang kasarian ko.

Umastang kikilos si Heurt ngunit agad ko siyang sinenyasang 'wag lumapit. Mabilis kumilos ang Chairman, bagay na ikinagugulat ko. Masyado pa siyang bata kompara sa ibang Chairman ngunit hindi ko talaga inaasahan ito. Ang mga kilos niyang hindi ko napaghandaan ay ngayon ko lang pinag-aaralan. Hindi sapat ang paningin ko, parang may sariling utak ang mga kamay at paa niya. Kumikilos ang isa sa t'wing sasanggain ko ang isa pa.

Inipit niya ang braso ko gamit ang kaniyang kaliwang braso. Buong pwersang tinapik ang mga balikat ko dahilan para mapatalikod ako sa kaniya. Hindi ko nakita ang patalim na inilabas niya at mabilis na itinarak sa kabila kong balikat. Sa isip ko nagawang sumigaw, dalawang beses, matapos niyang hugutin uli iyon.

Patakbo niya akong itinulak. At bago ako humampas ay tumalon na ako at tumapak sa pader upang doon bumanda. Dalawang hakbang at saka ako tumalon upang sipain siya sa mukha. Napaupo siya papatalikod ngunit aligagang nag-angat ng tingin sa akin. Tumapak ako sa kaniyang tuhod 'tsaka ako sumampa sa buong balikat niya na parang bata. Lumapag ang magkabilang talampakan ko sa parehong kamay niyang nasa sahig. Bago pa man siya pumalag ay nagawa ko nang hawakan ang magkabilang gilid ng kaniyang ulo.

"One wrong move and you're breathless, Rewis," gigil kong sabi.

Doon mabilis na kumilos si Heurt. **"*Geumanhe*!"** pasigaw na aniya.

Nalingat ako kaya nagawang kumalas ng senyor sa mga kamay ko. Pero bago pa man siya makalayo sa akin ay nahuli ko na ang kaniyang likuran. Itinuon ko doon ang aking bigat saka ako sumampa sa kaniyang mga balikat. Inipit ko ang ulo ng senyor sa aking mga hita 'tsaka ko pinadulas ang katawan ko paibaba, pabaliktad. Dahilan para mahawakan ko ang kaliwa niyang hita at saka sa ganoong paraan siya pinatumba.

Kung kailan ako pinigilan ni Huert kumilos ay saka ako hindi nakapagtimpi. Sinakal ko ang leeg ng Chairman gamit ang pareho kong kamay. Mabilis siyang namula habang nagpupumiglas. Nagtangis ang mga bagang ko habang mas idinidiin pa ang pagpapahirap sa kaniya, pilit na nilalabanan ang nagkukumawag niyang mga paa.

"*Geumanhe*!" muling sigaw ni Heurt.

"I talk about killing, but that doesn't mean I do it. I've never killed anyone before, but I won't mind watching you die if it's necessary," bulong ko sa Chairman, mas naging malakas ang pagpupumiglas niya.

Binitiwan ko siya bago siya malagutan ng hininga 'tsaka ko sinipa ang nang sobrang lakas ang tiyan niya. Hawak na ng Chairman ang leeg nang magmadali itong bumangon papalayo sa akin at harapin ako.

"Ngayon ko lang din ito sasabihin kaya iyong pakinggang maigi, Moon."Mabagal at gigil na gigil niya iyong sinabi, hirap na hirap na animong iniipit ang bawat litid. **"Mag-iiwan ako ng mga mata at babalikan kita. Magbabalik ako, ako at ang pamilya ko. Dugo sa dugo, kaluluwa sa kaluluwa. At walang matitira maski na isa. Uubusin ko ang lahat ng malalapit sa iyo, lahat ng taong mahal na mahal mo. At sa panahong iyon ay huli na ang lahat upang maghiganti ka. Gamit ang isang bala ay magsisisi ka!"** Mula sa likuran ay naglabas ito ng baril!

Nanlaki ang mga mata ko at sabay kaming napatalon at gumulong papalayo ni Heurt. Hinila niya si Almeyra upang iharang sa kaniyang katawan habang ako naman ay nagtago sa pader papunta sa kusina.

Napakarami namang gamit ng mga bwisit na 'to. Tsk. **"Maghihintay ako, Chairman Rewis!"** pasigaw kong tugon.

"Ya!" singhal ni Heurt, kunot na kunot ang noo at masama ang tingin sa 'kin. Pinipigilan ang pagpupumiglas ni Almeyra.

Ngunit aminado akong sa likod ng utak ko ay nagawang buhayin nang mga sinabi ng senyor ang tulog kong kaba. Hindi ko malaman kung bakit kinabahan ako sa mga sinabi niya. Kung walang-habas nilang nagawa ang mga nangyari sa nakaraan, hindi malabong totoohanin nito ang mga sinabi ngayon. Kailangan kong maging maingat, hindi ako pwedeng magpakita nang anumang takot. Kailangan kong mapanindigan ang aking kayabangan.

"Bitiwan mo si Almeyra!" nagbabanta ang tinig ng Chairman kay Heurt, hindi kumilos ang nanay ko. **"Bitiwan mo siya."** Humakbang papalapit ang senyor, hindi magawang itutok nang deretso ang baril dahil sa pinipigilang panginginig.

"*Hana,*" nagsimulang bumilang si Heurt, nagsimulang gumala ang aking mga mata.

"Bitawan mo siya, kung hindi ay hindi rin ako magdadalawang-isip na iputok ito!" muling banta ng Chairman.

"Hindi rin ako magdadalawang-isip isangga ang babaeng ito," kalmadong tugon ni Heurt. Lalong nagpumiglas si Almeyra habang ang mga mata ay patuloy na nagmamakaawa. **"Mahirap umasinta sa ganiyang lagay, Chairman Rewis. Nanginginig ang kamay mo."**

"Manahimik ka!"

"*Dul,*" muling bumilang si Heurt. Doon kinalabit ng senyor ang hammer ng baril. **"Run for your life and don't look back,"** bulong niya rito at saka patulak na ibinato si Almeyra. **"*Sen*!"**

Sinipa ko ang knife holder nang malakas! Sabay-sabay na tumapon sa ere ang lahat ng kutsilyong nakatarak doon. Nakita ko pa ang Chairman na nakanganga habang pinapanood ang mga kutsilyong umiikot sa ibabaw ko. Bawat masambot ko sa ere ay sunod-sunod kong ibinato sa senyor dahilan para dagli itong magtatakbo kasama si Almeyra papalayo! Sinadya kong hindi patamaan ang mga ito. Pero kung hindi ko napigilan ang sarili ko, ang lahat ng iyon ay tatama sa puso, utak at atay nila mismo. Eksaktong-eksakto pero walang lalabas na dugo.

Maswerte silang nakapagtago sa kwartong nasa dulo at mabilis na ini-lock iyon. Kalmado akong naglakad papalapit at sandaling pinakiramdaman ang kilos sa loob. Maging ang pintong iyon ay kaya kong buksan o sirain, pero wala na silang mapagtataguan. Hindi ako pwedeng lumampas sa limitasyon, kailangan ko ring magpigil.

"Ibang klase ka, Rewis!" nanggigigil kong singhal sa labas ng pinto. **"Iniwan mo ang sarili mong anak sa kapahamakan para magtago? Baka hindi mo na 'to datnan nang humihinga?"** pagbabanta ko pero walang sumagot.

Ngunit babaling na sana ako patalikod sa pinto nang bigla akong mapaatras! Isang maliit na espada ang tumarak sa aking harapan dahilan para matigilan ako. Nang lingunin ko ay 'ayun na si Eerah Anitha, lumong-lumo, hinang-hina ngunit sinikap na tumayo para lumaban. Nagtama ang masasama naming paningin, naghahabol siya ng hininga habang nanlilisik ang mga mata.

Hinugot ko ang tanto at naglakad papalapit kay Eerah, ngunit bago kami tuluyang magharap ay humarang na si Heurt.

"*Geumanhe*! *Gaja*!" anyaya nitong umalis. Hindi ko nagawang alisin kay Eerah ang paningin ko, hinarap naman ito ni Heurt. **"Tumigil ka na. Hindi ninyo kilala ang mga Moon."**

Tumitig si Eerah sa kaniya, galit na galit na animong makamamatay ang mga tingin. **"Hindi ninyo kilala ang mga Rewis."** Bagaman hirap na hirap ay mariin iyong sinabi ni Eerah.

"Nagtatago lang kayo sa pangalang iyan, habang ang mga Moon ay lantaran na ang pangalan pero wala kayong nalalaman. Hindi ninyo kilala ang mga Moon." Isa-isang sinabi ni Heurt ang huling linya, mabagal at mas mariin para maipaintindi sa kaniya.

Hindi na nagawang sumagot pa ni Eerah, nabaling na sa akin ang atensyon niya nang makalapit ako sa kanila. **"Gaya ng dati, Eerah Anitha,"** nagsalita ako.**"Patatakasin kita. Bitbitin mo ang pamilya mo at 'wag na kayong babalik."**

Naglapat ang mga labi ni Eerah, bahagyang nanlaki ang butas ng ilong dahil sa sobrang paghugot ng hininga. Bumabangis ang tingin niya at sobrang galit ang mararamdaman mula sa kaniya. **"Isang tanong,"** nangangatal niyang sabi. **"Bakit hindi mo pa kami patayin? Paulit-ulit mo na kaming binantaan pero wala ka pa ring ginagawa, Maxpein."**

Nanginginig ang tinig niya, halatang kabado maging ang kaniyang mukha. **"I don't care if I live or die; just tell me who you are."**

"Kung natatakot ka sa isasagot ko, 'wag ka na uling magtatanong ng ganiyan." Iyon lang at tinalikuran ko na siya. May narinig pa akong mga kalabog at ingay ngunit ipinagpaubaya ko na kay Heurt si Eerah.

Ngunit ganoon na lang ang gulat ko nang pagkalabas ko ng gate ay may kutsilyong sumalubong sa dibdib ko. Naibuka ko ang aking bibit habang nilalabanan ang mga kamay na iyon sa pagdiin sa patalim sa dibdib ko. Mabilis na nangilid ang aking mga luha at tinitiis ang sakit. Maging ang paghinga ko ay aking napigilan hanggang sa makapag-ipon ako ng lakas at pwersahang nanlaban.

Si Cargosin!

Pareho kaming naghahabol ng hininga habang nakatingin sa isa't isa. Nag-iipon siya ng lakas habang ako ay nag-aabang sa kilos niya. Pasimple kong hinubad ang sinturon ko at nang lumapit siya ay mabilis ko iyong ipinulupot ng dalawang beses sa leeg niya. Nabitiwan niya ang hawak na patalim at saka pilit na nagpupumiglas gaya ng kaniyang ama. Mabilis din siyang namula at halos lumaylay ang dila sa pagkukumahog na huminga. Nang bitiwan ko siya ay napayuko siya at doon naghabol ng hininga. Nang mag-angat siya ng tingin ay inihampas ko na ang bakal ng sinturon sa mukha at tiyan niya. Napaatras siya at kakikitaan siya nang panghihina. Ang galit sa mga mata niya ay walang magawa.

"Sanay na sanay ka sa ganitong uri ng labanan, tao ka ba?" nakangisi niyang tanong, hindi naman ako sumagot. **"Pagsisisihan mo ang iyong ginawa sa akin at sa pamilya ko—"**

"Hindi ba't ako dapat ang magsabi niyan?" inayos ko ang tabing sa aking mukha. **"Ang kaso ay hindi ako mahilig dumada."**

"Hayop ka!" sigaw niya 'tsaka mabilis na sumugod sa 'kin.

Eksaktong paglapit niya ay patalikod akong umilag dahilan para mapasubsob siya. Muli siyang humarap sa 'kin at umatake pero muli rin akong umilag. Nang muli siyang sumugod ay 'tsaka ko siya tinambangan. Sinalo ko ang kamay niya at inihampas nang inihampas ang braso niya sa nakaparadang kotse hanggang sa mabitiwan niya ang hawak na kutsilyo. Umatras siya ay humugot ng dalawang tanto mula sa kaniyang likuran at umatake. Paglapit niya ay sinuntok ko ang magkabila niyang siko dahilan para lumagutok ang mga buto ro'n. Nang tumapon ang tanto ay patalon kong sinalo iyon. Bago bumagsak sa lupa ay tinuhod ko siya sa ilong. At

bago pa siya makagawa ng anumang kilos ay itinarak ko na ang dalawang tanto sa magkabila niyang kamay! Napasigaw siya sa sakit habang nakapikit. Pero hindi ako nakontento nang itaas ko ang mga kamay niya, habang nakatarak pa rin ang mga tanto, at muli iyong itarak sa pinto ng nakahimpil na sasakyan.

"Hayop ka! Hayop ka, Maxpein!"sigaw niya. Natigilan ako at napatitig sa kaniya. Hindi ko inaasahang kilala niya na pala ako dahil ang tabing ng mukha ko ay naro'n pa rin. **"Magsisisi ka! Kamumuhian mo ako hanggang sa kahuli-hulihang hininga mo!"**

Bago ko pa napigilan ang sarili ko ay inipit ko na ang leeg niya gamit ang braso ko. **"Karapat-dapat kang saktan nang higit pa diyan, pero hayaan mo akong iisantabi na lang muna ang galit ko. Dahil nasisiguro kong hindi ninyo dito tatapusin ito."** Sinabi ko iyon sa mismong mukha niya 'tsaka ko siya hinawakan sa panga. Mabilis siyang nagpumiglas pero pilit ko siyang iniharap sa akin. **"Sige, kamumuhian kita—kung iyan ang gusto mo. Pero kung ako ang kinanti mo, ako lang ang makakalaban mo. Hindi ka mandadamay ng iba, ni isa sa inyo ay walang idadamay na iba pa maliban sa akin. 'Wag ang mga taong mahal ko dahil sinisiguro kong mauubos kayo."**'Tsaka ko pasampal na inihampas ang mukha niya sa sasakyan.

Nakita kong sumubok siyang tanggalin ang kamay niyang nakatarak sa sasakyan pero nasaktan siya. Sinamaan niya lang ako ng tingin hanggang tumayo ako at umatras papalayo sa kaniya.

"*Ya,*" nangibabaw ang tinig ni Heurt sa likuran ko. Bahagya lang akong lumingon sa kinatatayuan niya 'tsaka ako naglakad papalapit sa motor ko.

"*Gaja*!" sabi ko at saka pilit na isinuksok ang susi sa kabila nang panginginig ng aking mga kamay.

Patalon na sumakay si Heurt sa likuran ko, mabilis kong pinaandar ang motor papalayo sa lugar na iyon. Galit na galit ako, gusto kong itodo ang pagpihit sa handle para humarurot nang todo ang motor ko. Pero hindi ko kayang maipakita iyon kay Heurt. Alam kong may tumatakbo sa isip niya patungkol sa akin. Hindi na ako magtataka kung kakausapin niya ako mamaya.

"Saan kayo nanggaling?" tanong ni Naih nang makauwi kami.

Bago pumasok sa bahay ay inalis na namin ni Heurt ang pareho naming tabing sa mukha. Hindi ko siya pinansin at sa halip ay sinamaan ko lang siya ng tingin, napaatras siya at natigil sa pagsunod sa akin. Mabilis akong

pumanhik, patakbo kong pinuntahan ang attic at sinipa ang pinto. Gaya ng dati ay nagising ang natutulog na si Taylor. Mabilis siyang nakabawi kaya nang makalapit ako ay kayganda na nang pagkakangisi niya sa 'kin.

Nawala 'yon nang pasampal ko siyang suntukin! **"Akin na ang cellphone!"**inilahad ko sa kaniya ang kamay ko. Lalo lang siyang ngumisi kaya sinapak ko na siya nang mas malakas. **"Akin na!"**

"Kunin mo, sa ilalim ng kama."

Kikilos na sana ako patalikod sa kaniya nang muli akong mapaharap. *Paanong...?*Dinaklot ko ang kwelyo niya 'tsaka siya sapilitang itinayo, habang nakarehas ang mga kamay niya at salo sa puwet ang silya. Habol ko ang hininga habang inilalapit ang mukha namin sa isa't isa. Mata sa mata, nagtitigan kami hanggang sa bitiwan ko siya.

"Galit na galit ka naman yata? Ano ang nangyari?" tanong niya ngunit sinagot ko siya ng tadyak.

"Iyan, iyan ang nangyari."

Dumura siya sa kaliwa 'tsaka muling humarap sa 'kin. **"Kalagan mo ako, lalabanan kita."**

Galit na ang mga mata niya nang lingunin ako. **"Kahit nakatali ako, matatalo ka."**

"Mayabang ka!"

"Dahil 'yong lakas na meron ako, hindi matutumbasan ng kahit na ilang tao kapag ganitong galit ako!" Sinipa ko nang malakas ang mukha niya matapos sabihin 'yon.

"Maxpein!" nangibabaw ang tinig ni Heurt, hindi ko siya nilingon. Naramdaman ko na lang siya nang hawakan niya ang magkabila kong braso. **"Alam mo ang limitasyon mo,"** mariin niyang bulong. **"Nawawala ka na sa sarili mo, Maxpein. Umayos ka."**

Padabog kong inalis ang pagkakahawak niya sa 'kin. **"Pakainin niyong mabuti 'yan, hindi 'yan mananalo sa 'kin nang may ganiyang katawan."** Iyon lang at nilisan ko na ang kwartong 'yon. May narinig uli akong kalabog bago ko naramdaman ang paglapit sa akin ni Heurt.

"Mag-usap nga tayo," pilit niya akong iniharap sa kaniya. **"Maxpein, wala sa usapan ito. Lumalampas ka sa limitasyon mo."** Pabulong ngunit napakariin niya kung magsalita, para bang pilit na ipinaiintindi sa akin ang pagkakamali ko.

Sinamaan ko siya ng tingin. **"'Yong ginawa nila kay Sensui ay hindi na dapat idinadaan pa sa usapan, Heurt."**Mabilis na nangilid ang mga luha

ko. **"Hindi natin alam kung gaano kasakit 'yong pinagdaanan niya nang dahil sa pamilyang 'yan! Alam kong hindi lang siya nagsasabi sa 'kin pero 'yong pisikal na sakit sa dibdib niya, nakikita ko 'yon sa mata niya, Heurt. At hindi ko kayang nakikita siyang nagkakagano'n!"**

"Pero hindi maaalis ng paghihiganti mo ang sakit na naramdaman niya, Maxpein. Huminahon ka."

"Hindi mo ko naiintindihan."

"Naiintindihan kita, kaya sinasabi ko sa iyo na huminahon ka. Dahil hindi makababuti sa ating pare-pareho ang ginagawa mo. Ang usapan natin ay pananakot, wala sa usapan ang ganito, Maxpein. Lumalampas ka. Hindi mo ba naiisip ang pwedeng kahinatnan nito?"

"Bakit ko pa iisipin kung may laban naman tayo?"

"Kung labanan din lang ang pag-uusapan ay higit tayong makapangyarihan. Pero ang idudulot no'n sa isip ng taong mahal mo, kapag nakita niya, nalaman niya ang lahat nang ito, nasisiguro kong hindi magandang ideya para sa iyo. Kapag nalaman niya kung paano kang manakit ng tao, hindi na ako magtataka kung pati siya ay matakot sa iyo, Maxpein. Maniwala ka sa akin, Maxpein, dumaan na ako riyan." Natigilan ako at napatitig sa kaniya. **"Huminahon ka. Mag-isip kang mabuti."** Iyon lang at saka niya ako iniwan.

Napako ang paningin ko sa kung saan, naghabol ako ng hininga at saka ako pumikit. Nang unti-unting mangibaaw ang sakit na aking nararamdaman ay 'tsaka ako nagmadaling bumaba.

"Ano, Max?" sinalubong na naman ako ng maingay na bunganga ni Naih. **"Saan kayo nanggaling, ha? Ano ba ang meron do'n sa 'taas at panay ang kalabog? Pinagalitan ka ba ni Tita Heurt? 'Oy!"**

"Tigilan mo muna ako," sabi ko at saka nilampasan siya. Naramdaman ko naman agad ang pagsunod niya.

"At bakit ganiyan ang mga suot ninyo?" lumapit siya sa 'kin para maibulong 'yon. **"Bakit naka-ninja outfit kayo, ha? Anong trip 'yan? Nitong mga nakaraan, hindi lang ako nagsasalita pero nakakahalata na 'ko, eh! Ilang beses ka na naming nakita ni ate na palihim na umaalis nitong mga nakaraang gabi, ah? Anong ginagawa ninyo ni Tita Heurt, ha? Sabihin mo sa 'kin, 'oy! 'Oy! 'Ta mo 'to! 'Wag kang isnabera—alam mo kung sino sa atin ang mas maganda! Max, 'oy!"**

Sumunod siya nang sumunod sa 'kin, walang tigil ang bunganga. Sa halip na sumagot ay dumeretso ako sa bar island, naglabas ako ng isang bote

whisky. Mabilis ko iyong binuksan at tinungga.

"Anak ng—'oy!" sinubukan iyong agawin ni Naih pero tumalikod ako at nagpatuloy sa paglaghok, nakapikit at tinitiis ang pait. **"Ano ba ang nangyayari sa 'yo, Max! Kung brokenhearted ka, mag-usap tayo! 'Wag 'yong iinom ka nang...naka-ninja outfit! 'Oy! Malalasing ka niyan, eh!"** nag-aalala ang tinig niya.

"Pein? What's going on?" sabat ni Yaz.

Nagpatuloy pa rin ako sa pag-inom hanggang sa maubos ko ang mahigit sa kalahati ng bote ng alak. Pinunasan ko ang labi ko gamit ang manggas ng jacket na suot ko. Humawak ako sa bar island at napasimangot sa nararamdamang sakit. Doon nagtama ang paningin namin ni Heurt na nakatingin lang sa akin. Mababasa ang matinding pag-aalala sa mga mata niya pero batid niyang wala siyang magagawa.

"Hala!" Biglang umalalay sa akin nang akma akong matutumba. **"Oh, my God—Max!"**

Nagulat siya nang aksidente niyang mahawakan ang balikat ko at doon nagmantsa sa kamay niya ang dugo. Hindi niya iyon nagawang makita kanina dahil purong itim ang suot ko bukod sa iniwasan ko agad siya.

"Max, anong—bakit puro dugo ka? Max? Max!" bulalas na naman ni Naih, agad na umalalay sa 'kin. Mabilis siyang naghisterya, hindi malaman ang gagawin.

Hindi ko siya sinagot at sa halip ay naupo ako sa sofa at inihilig ang ulo ko. Hindi naman magkandaugaga sa paglapit sa 'kin si Naih, hindi rin niya magawang hawakan ang anumang parte ng kawatan ko. Naiiyak na siya. Panay ang pagsasalita niya pero wala na akong maintindihan. Pakiramdam ko ay may bumara nang kung ano sa pandinig ko. Agad na umikot ang paningin ko, yinayanig ang buo kong ulo. Pumikit ako at pilit na pinakakalma ang nagwawala kong puso. Nanatiling nakakuyom ang mga palad ko. Ang mga bagang ko ay paulit-ulit lang na humihigpit.

"Maxwell, asikasuhin mo ang kapatid mo!" Nadinig ko ang maawtoridad na tinig ni Maze. **"Maxrill, go to your room."**

"Oooh!" nadinig ko ang nagmamaktol na daing ni Maxrill 'tsaka padabog na pumanhik. **"*Naega wae*! *Wae*! *Wae*! *Wae*! *Wae*!"** Ang dami niya pang sinabi habang umaakyat, nagmamaktol na parang bata. Kasunod no'n ay malakas na pagsara ng pinto.

"Ano ang nangyari?" boses ni Chairman Moon sa sarili naming lenggwahe, nagmamadali at mahihimigan ang pag-aalala sa tinig.

Doon ako nagdilat ng mga mata, pilit silang inaninag isa-isa. Kompleto na ang buong pamilya namin sa aking harapan, napabuntong-hininga ako. Tatayo sana ako pero sumenyas ang Chairman para pigilan ako. Pabagsak kong isinandal ang sarili ko. Daig ko pa ang lulong sa masamang bisyo dahil para akong nawawala sa aking sarili.

Mabilis na kumalat ang maliliit na kirot at hapdi sa iba't ibang parte ng katawan ko. Parang nararamdaman ko pa rin ang kutsilyo sa balikat at dibdib ko. Panay ang pag-ingit ko, kasunod no'n ay ang paghahabol ko ng hininga. Unti-unti ay tumindi iyon hanggang sa hindi na ako mapakali. Walang silbi ang alak na ininom ko. Inaasahan kong pamamanhidin niyon ang lahat ng sakit na nararamdaman ko.

Pero binabale-wala ng galit ang mga sakit ng katawan ko. Hindi ako kontento sa nagawa ko kaya hanggang ngayon ay nanggigigil ang mga kalamnan ko. Gusto ko nang higit pa ro'n. Nakukulangan ang mga kamay ko sa nangyari. Ang utak ko ay patuloy na nagtatrabaho, sinasaktan silang pare-pareho.

"My God, Max! Ano ba ang ginawa mo sa sarili mo? Saan ka na naman ba nagsusuot, ha? Talagang wala kang kadala-dala, eh! Kung gusto mo ng maaksyong buhay, mag-artista ka na lang!" umiiyak na tanong ni Naih, hindi ko na siya nagawa pang pansinin.

"Umakyat na muna siguro kayo sa inyong mga kwarto, Zarnaih, Zaimin Yaz. Mukhang paliliguan si Maxpein dito. Ha! Ha! Ha! Ha! Ha!" pabirong sabi ni Mokz. Naramdaman ko pa ang mga tingin ng magkapatid sa 'kin bago sila tumalima.

Nagkatinginan pa muna kami ni Heurt bago siya nagsalita. Nagbaba ako ng tingin at itinuon ang pansin kay Maxwell na iiling-iling habang ginagamot ako. Ipinahubad sa akin ni Maxwell ang mga suot ko, inabutan naman ako ni Maze ng maipapatong sa aking katawan. Nagsimula si Maxwell na hugasan ang mga sugat ko habang panay naman ang pagtitiis ko sa hapdi. Mayamaya lang ay umagapay na sa kaniya si Maze nang magsimula siyang magtahi sa mga sugat. Hindi naman iyon ganoon kalala, pero pwede ko na siyang saktan dahil walang silbi maging ang itinurok niyang anesthesia. Napakasakit! Nararamdaman ko ang bawat laman kong naghihiwalay. Bawat parteng apektado ay tumitibok kaya alam ko kung saan ang masakit at hindi.

Natinag ako mayamaya nang tumabi sa akin si More sa gitna ng pagkukwento ni Heurt tungkol sa mga nangyari. Bagaman liyong-liyo ay

nilabanan ko ang mga titig niya, hindi ko magawang magsalita. Anumang sandali ay para akong maduduwal. Nandoon sa mga mata ni More ang pag-aalala pero hindi siya nagsalita. Sa halip ay kinuha niya ang kamay ko at basta na lang iyong inihaplos sa pisngi niya. Noon lang niya ginawa iyon, nang mamasa-masa pa ang mga mata. Gusto kong titigan si More, gusto kong ibigay ang buong atensyon ko sa pakikinig sa mga sinasabi ni Heurt. Pero nahirapan na akong gawin iyon nang unti-unti ay bumagsak ang pagiging alerto ko. Nararamdaman ko na sa katawan ko ang tama ng alak, at nilalamon niyon ang katinuan ko. Noon din ay unti-unting humupa ang sakit na aking nararamdaman.

"Kung ganoon ay kilala na nila kayo?" dinig ko pa ang tinig ni Chairman Moon, pahina na nang pahina iyon sa pandinig ko. **"Kahit na ano ang mangyari ay huwag mo hahayaang makagawa siya nang hindi nararapat, Heurt. Alam mo ang mga ipinagbabawal sa mga batas namin."**Iyon ang kapangyarihan ni Chairman. Buong-buo sa pamamagitan ng salita. Hindi maaaring bawiin at mas lalong hindi pwedeng buwagin.

"Naiintindihan ko, Chairman Moon," sagot naman ni Heurt.

Ipinikit ko na ang aking mga mata. *As much as I want to, I can't just kill you.*

~END OF FLASHBACK~

Kung sa huling pagkakataon ay 'yon lang ang magagawa ko para mapasaya ka. Kung ang nararamdaman ko lang ang kaya kong isakripisyo para hindi na kita masaktan pa. Sige, tatanggapin ko. Hiwalay na tayo.

Kumuyom ang mga palad ko. Gusto kong magwala ora mismo. Pero pinigilan ko. Pumikit ako at hindi ko alam kung gaanong katagal iyon. Nanatili akong nakatayo sa gate, mabuti at bukod sa akin ay wala nang pumasok.

Gusto kong sundan ng tingin si Sensui pero pinigilan ko ang sarili ko. Pagmulat ay itinuon ko agad ang paningin ko sa daan papasok. Kailangan kong dumeretso at hindi na ako pwedeng bumalik. Wala nang daan pabalik.

Dumeretso ako sa Social Hall. Dahil may katagalan ang pag-uusap namin ni Sensui ay late ako. Nandoon na ang lahat at nagsisimula na ang practice. Agad akong nagpalit ng damit at sumabay sa kanila. Pero hindi agad natuon sa harapan ang atensyon ko kundi kay Lovemir na halatang-halatang umiiwas pa rin sa akin. Ilang linggo ko na siyang hindi nakakausap. Ilang linggo ko na ring napapansin ang pag-iwas niya. Magmula nang gabing tugtugan niya ako ay hindi niya na uli ako pinansin pa.

Gaya ng mga nakaraan ay hindi ko rin siya pinansin. Nagpanggap akong walang pakialam. Gaya ng dati naming samahan, walang pansinan. Pero sa kabilang banda ay nag-iisip din naman ako ng paraan kung paanong maibabalik sa dati ang lahat. Hanggang ngayon ay kailangan ko pa rin si Lovemir. Nawala na ang mga Rewis pero hindi ako matatahimik hangga't nandito siya. Kailangan kong malaman kung bakit nandito pa siya.

"Ay, sorry," paumanhin ko matapos naming magkabungguan ni Lovemir.

Sinadya ko iyon. Alam kong sa kaliwa ang ikot ng steps pero sinadya kong kumanan.

"Ay, sorry talaga. Tsk!" umiling pa ako nang umiling nang muli ko siyang madunggol matapos tumalon pakanan pero ang steps ay pakaliwa na naman.

"Nananadya ka ba?" naaasar niyang bulong.

Inismiran ko siya. **"Hindi porket magaling akong magsayaw ay wala na kong karapatang magkamli, Lovemir."**'Tsaka ako ngumisi.

"Ang galing mo namang magkamali? Dalawang magkasunod?"

"Marami akong iniisip, okay? Pasensya na," ipinakita kong naaasar din ako. Sinamaan niya ako ng tingin at saka kami parehong nagpatuloy. *Pikon! Tss.*

"From the top tayo, guys!" sigaw ni Silver. Tatalikod na sana siya nang magtaas ng kamay ang katabi ko. **"Yes, Lovemir, baby?"**

"Hindi saulo nitong katabi ko ang steps. Turuan ninyo muna."

Napatingin ako kay Lovemir. **"Ano ba ang sinasabi mo?"**

"Hindi mo alam ang steps kaya ka nagkakamali, 'di ba?"

"Pero makakasabay naman ako."

"Nagkamali ka pa rin, Maxpein."

"Anak ng—'yabang mo, ah?"

"Ayaw ko lang pumangit ang performance na 'to." Itinuro ako ni Lovemir kay Silver. **"Turuan ninyo muna 'to, magpapahinga muna kami."**

"Ikaw ang magturo sa 'kin kung gano'n," naghahamon kong sabi.

Babaling na sana si Lovemir patalikod sa 'kin nang muli siyang mapaharap. Nakahawak ang pareho niyang kamay sa bewang at ang dila ay nakalabas na animong may kinakapa sa labi. Kunot na kunot ang noo at kahit pawis ay gwapo.

"Ano ka, sinuswerte?" mayabang niyang sabi.

"Ang maturuan mo, swerte?"

Humakbang siya papalapit sa 'kin, gano'n pa rin ang itsura. Nakapamaywang na animong babae pero lalaking-lalaki ang tindig. At ang dila ay may animong kinakapa sa labi. Tumatagaktak ang pawis pero nangangalingasaw ang mabangong amoy. Kumunot ang noo niya at tinitigan ako nang todo.

"Sabihing mong hindi?" hamon niya.

"Hindi."

Tumaas ang kilay niya. **"Are you trying to annoy me?"**

"Nagpapaturo lang ako, ano ba ang masama ro'n? Hindi ba't feel na feel mo pa ngang magturo sa 'kin noon?"

"Anong feel na feel?" naiinis niyang tanong.

"Hindi ba?" tanong ko na inakto ang mga kamay kong nagpa-piano.

"Mukhang may problema tayo, ano?" sumingit si Silver sa pagitan naming dalawa.

"'Yan, eh, masyadong masungit, nagpapaturo lang naman," ngumuso ako at saka nag-iwas ng tingin.

Nang hindi magsalita si Lovemir ay muli ko siyang tiningnan nang pasimple. Bahagya akong napailag nang makita kung gaano kasama ang tingin niya. Lalong nangunot ang noo at napakalalim ng paghinga.

"Okay, then, go in front. I'll teach you."

"Talaga?" ngumisi ako.

"Uulitin ko pa?"

"Bakit ba ang sungit mo bigla?"pabulong kong tanong.

"Bakit ba naging pamali-mali ka bigla? Maxpein, this is not you."

"Sino 'to kung gano'n?" sarkastiko kong tanong na ipinakita ang kabuuan ko.

"Tch." Umiling siya nang umiling 'tsaka pumunta sa unahan. Sumunod naman ako. **"Sway to the left first and then jump to the left."** Ipinakita niya pa kung paano gawin iyon.

"Again please?"

"Sway to the...left and jump to the left. Now, do it."

"Sway..." Humakbang ako papunta sa kaliwa. **"And then jump to the —ugh!"**Sinadya kong tumalong papuntang kanan. **"Hehe. Sorry."**

"Sway to the left, jump to the left. Do it."

"Sway to the left..." Nagawa ko ang una. **"Jump to the le—left!"** Sinadya ko muling magkamali sa ikalawa. **"Jump to the left—"**

"Do it again," utos niya habang magkakrus ang mga braso, matapos bumuntong-hininga, nauubusan ng pasensya.

"Sway to the left...jump to the—ugh! Isa na lang talaga!" naiinis kunyari kong sabi. **"Sway to the—king ina..."** Kunyari ay sa una naman ako nagkamali. **"Sway to the left...then jump to the—"**

"Stop! Stop! Stop!" aniya na isinuko ang parehong kamay.

"Sorry," napapahiya kunyari kong sabi. Tumingin pa ako sa mga kasamahan namin na iiling-iling 'tsaka ako bumuntong-hininga.

"Ah, so, you know the steps. What you don't know is the difference between right and left, Maxpein."

"'Yabang mo, ah!" galit kunyari kong sabi.

"Because you're annoying, Maxpein." Ang sama-sama ng tingin niya. **"I said, sway and then jump to the left. Left! Left! Left! Walang nagsabing pumunta ka sa kanan. What makes it hard for you to understand?"**

"Ganiyan ba magturo, ha? Galit?"

"Damn, when will you learn?"

"Wow! Ang lalim ng pinanggagalingan niyang galit mo, ah?"

"What?"

"Teka, teka," muling pumagitna sa 'min si Silver. Sabay namin itong sinamaan ng tingin. **"Oh, teka, ah? Hindi ako ang may kasalanan."** Isinuko niya kunyari ang dalawang kamay. **"Lovemir, hot ka masyado, eh, hehehe. Ako na ang magtuturo kay Maxpein, okay?"**

"Thanks for saving me," ani Lovemir kay Silver 'tsaka umismid sa 'kin bago naupo sa isang tabi.

Sinamaan ko siya ng tingin habang nakasalampak siya sa sahig. Pinagkrus niya ang mga braso 'tsaka ako tinaasan ng kilay. Nang hindi ako kumilos ay iminuwestra niya ang kamay na para bang sinasabing sumayaw na ako.

Para hindi naman ako mahalata ay dalawang beses ko munang minali ang sarili bago ko iyon kunyaring natutunan. Ilang beses pang pinagawa sa 'kin ni Silver ang steps bago ito nagdesisyong magpatuloy sa practice. Nakangiwi na si Lovemir nang tumayo hanggang sa makalapit sa 'kin. Hindi niya pa rin inaalis ang masamang tingin sa 'kin bago kami magsimula.

"Nagpapapansin ka lang yata sa 'kin, eh," bulong niya pa nang mag-formation kami.

"At least napansin mo," nakangisi kong bulong.

Inis siyang humarap sa 'kin. **"Anong sabi mo?"**

"Wala, sumayaw ka na 'ka ko."

"Are you shitting me?"

"Whoa," napalayo ako bigla sa kaniya.

"I'm kind of amused when someone is trying to lie to me. But you're not entertaining, stop trying to be witty, Maxpein."

Literal akong napahiya, hindi ko kasi masyadong naintindihan ang mga sinabi niya. Hindi na ako nagsalita, humarap na lang ako kay Silver at sumabay sa mga galaw nila nang kusa.

Hindi na ako tiningnan pa ni Lovemir matapos no'n, hindi niya na rin ako tiningnan pa. Kaya nang matapos ang practice ay nag-isip na naman ako ng panibagong gagawin para mapansin niya ako. Hindi pwedeng tumagal ito, kailangang makakuha ako ng sagot sa kaniya sa lalong madaling panahon.

Naunang lumabas ng Social Hall sa akin si Lovemir. Paulit-ulit ko siyang tinanaw habang isinasara ko ang pinto ng Soc Hall. Mabagal ang paglalakad niya hawak ang hand bag niya na nakasukbit sa likod gamit ang kamay. Dahil hindi ko agad naisara ang pinto ay napalayo na siya. Nagmadali akong maglakad-takbo hanggang sa umabot ako sa kaniyang likuran. Nang ilang dangkal na lang ang layo namin sa isa't isa ay 'tsaka ako tumalong upang madapa.

Syempre, natigil siya at napalingon. Ilang saglit pa bago siya nagbaba ng tingin sa akin. **"Are you okay?"** naupo siya at ibinaba ang hawak na bag. **"Ano ba ang ginagawa mo?"**

Umikot ako sa sahig hawak ang siko ko. Totoong masakit na iyon. *King inang 'yan... effort, ah!* **"Bakit ba kasi madulas ang sahig dito!"** inis pa akong pumadyak.

"Dati nang madulas ang sahig dito, ngayon ka lang hindi nag-ingat. Let me help you," tinulungan niya akong tumayo. Siya na rin ang kumuha ng bag ko habang ako naman ay nagpagpag ng damit at tuhod.

"Pasensya na," nagbaba ako ng tingin. Nadinig ko naman siyang bumuntong-hininga. Pero nagulat ako nang hawakan niya ang panga ko upang iangat ang mukha ko.

"Sa susunod ay mag-ingat ka. Kung gusto mong sumabay sa akin ay magsabi ka, hihintayin naman kita, eh."

Napamaang muna ako 'tsaka ako natawa. **"Ah, hahaha! Minsan kasi kahit mayabang ka, nagiging tanga ka rin talaga. Walang kinalaman sa**

'yo 'to."

"Tch." Namaywang na naman siya at nag-iwas ng tingin. Hindi agad ako nakapagsalita at sandali ko pa siyang tiningnan.

"Pero..." Sinadya kong bitinin ang sasabihin para lumingon siya sa 'kin. **"'Wag ka sanang magalit pero napapansin ko talagang umiiwas ka sa 'kin. Umiiwas ka nga ba sa 'kin?"**

Tumaas ang kilay niya. Sandaling tumitig sa 'kin 'tsaka muling bumuntong-hininga. Pero hindi agad siya nagsalita, nag-iwas siya ng tingin bago muling humarap sa 'kin.

"Male-late na tayo sa klase, tara na."

"Sandali..."

"What?"

"Sagutin mo muna 'yong tanong ko, umiiwas ka ba sa 'kin?"

"Bakit naman kita iiwasan?" walang mababasang emosyon sa mukha niya.

"Hindi ko alam, kaya nga tinatanong kita."

Tumitig na naman siya sa 'kin, panay ang pagbuntong-hininga 'tsaka muling nag-iwas ng tingin. **"Pag-usapan natin 'yan mamaya."**

Nagulat ako nang hawakan niya ako sa siko at saka ako alalayang maglakad. Wala tuloy akong nagawa kundi ang magpilay-pilayan habang naglalakad. Syempre, dahil intrimitida ang mata at isip ng mga kaibigan ko ay napansin agad nila 'yon. Nanlilisik na ang mga mata nila sa akin habang pinapanood kaming maglakad papalapit ni Lovemir. Lalo na nang alalayan ako nitong maupo sa mesa, siya rin ang nag-ayos ng bag ko sa likuran.

"Thank you," nag-angat ako ng tingin sa kaniya. Sinagot niya lang ako ng tango 'tsaka naupo. Naglagay siya agad ng headset sa tenga at mayamaya lang ay pumikit na.

"Anong eksena 'yon?" pabulong na tanong ni Naih, OA na naman ang reaksyon.

"Nadapa ako." Sinadya kong ipakita ang namumula ko pa ring tuhod.

"Ikaw? Nadapa? Paano nangyari 'yon?"

Inismiran ko siya. **"Hindi sinasadya."**

"Aba, eh, hindi 'ko naniniwala,"nakangiwing ani Naih, pinagkunutan ko siya ng noo. **"Maganda ako pero hindi mo 'ko maloloko."**

Imbes na sagutin ay tinalikuran ko na lang siya, kunyari ay may kukunin ako sa bag. Pero pasimple kong tiningnan si Lovemir. Nag-aalala akong

baka wala talaga siyang pinakikinggan. Pero sa agwat namin ay naririnig ko ang malakas niyang sounds kaya nakahinga ako nang maluwang.

Itong bibig talaga nito ang magpapahamak sa 'kin, eh. Tsk.

Pero hindi pa pala doon natatapos si Naih. Halos mapatalon ako nang pagharap ko ay napakalapit niya na sa 'kin. Ni hindi ko naramdaman ang pag-usog niya. Nanlalaki ang mga mata niya at sobra ang pagkakangiwi.

Hinawi niya ang buhok ko at saka bumulong, **"Porket wala si Sensui, gumaganyan ka na, ah?"**

Gulat akong napalingon sa kaniya. **"Anong gumaganyan?"** inis ko ring bulong.

"Alam kong hindi ka pa gaanong magaling, pero pwede mo akong tawagan kung kailangan mo ng tulong."

"Wala ka ro'n no'ng nadapa ako, Naih. Alangang humiga lang ako ro'n at hintayin ang saklolo mo?"

"Saklolo? Emergency? Naku, Max, 'wag mo 'kong inaano. Alam nating pareho na hindi basta-basta nakakadikit sa 'yo ang kahit na sino."

"Oh, eh, ano?"

"Bakit may paala-alalay na ngayon si Lovemir sa 'yo?"

"Nadapa nga ako, Naih, masakit ang tuhod ko."

"Max, ikaw 'yong tipong nakakatatakbo at nakakalipad kahit may tama ng bala o saksak, natuhuran ka lang—nagpaalalay ka na? 'Wag mo 'kong niloloko, Max."

"Kapag may nakarinig sa 'yo, patay ka talaga sa 'kin."

"Eh, di umamin ka rin?"

"Saan ba? Napapraning ka lang talaga."

"Dahil halata ka."

"Saan?"

"Hindi ba't asawa 'yan no'ng malandi? Ikaw naman ay may boyfriend na bagong uwi. Lubayan niyo ang isa't isa, ah? Baka pareho ko kayong pag-umpugin."

"Ang OA mo."

"Kasi hindi mo ma-gets 'yong point ko, Max. Alam kong may dahilan ka kaya nagpapaalalay ka na ngayon, di ka na lang kasi umamin."

"Alam mo naman pala, eh."

"Mamaya ako ang magdadala niyang gamit mo, ah? Hindi ka pa pwedeng magbuhat masyado, alam mong hindi pa magaling 'yang balikat mo."

"Tss."

"Kapag may nakakitang may iba ka nang tagabitbit, patay ka talaga kay Sensui."

"Pwede bang manahimik ka na lang? Baka may makarinig sa 'tin."

"Oo nga." Nanlaki ang parehong mga mata namin ni Naih nang may magsalita bukod sa amin! Sabay kaming napalingon at nakita ang mukha ni Miss Agaser na nakasubsob sa harapan namin.

"Hehe, miss," nag-peace sign si Naih. Napaismid naman ako 'tsaka umayos ng upo, naramdaman ko ang paningin sa 'kin ni Lovemir. Paglingon ko ay iiling-iling na siya sa 'min.

"May pag-uusapan pa ba kayo?"sarkastikang tanong ng lecturer. **"Kasi kung wala na ay baka pwede na akong magsimula?"**

"Yes, miss! Yes, miss!" agad na sagot ni Naih.

"Thank you!" Umirap muna ang lecturer bago kami tinalikuran at naglakad papunta sa harapan. **"Noong nakaraang taon ay may estudyante akong sigaw nang sigaw sa klase ko, ngayon naman ay bulungan nang bulungan. Diyos ko, ano na ba ang nangyayari sa mga estudyante ngayon?"**

"Sorry, miss!" ani Naih.

"Hindi ba't magbabarkada kayo niyan nina Mr. Enrile, ha, Ms. Marchessa?"

"Yes, miss."

"Naku, hindi ko makakalimutan ang estudyante kong iyon. Napakaloko. Pero ngayong binabalikan ko iyong alaala ko sa kaniya ay natatawa na lang ako. Kumusta na nga pala si Mr. Enrile?"

"Nakabalik na po siya dito sa Pilinas, miss. Okay na okay na siya."

"Sana nga ay magtuloy-tuloy na, dati nang mahina ang puso—"

"Pwede ba tayong magsimula na sa klase, miss?" sabat ko, seryosong-seryoso at deretsong nakatitig sa lecturer.

Umangat ang parehong kilay niya 'tsaka napapahiyang bumuntong-hininga. **"Okay class, our lesson for today is about cell division. Are you familiar with Mitosis and Meiosis, and its difference?"** itinaas pa nito ang kamay 'tsaka iginala ang paningin. **"Anyone?"**

Napabuntong-hininga na lang ako at nagbaba ng tingin. Hindi ko maintindihan kung bakit parang nananadya naman ang sandaling iyon, ibinabalik bigla sa 'kin ang alaala ni Sensui. Sinusubukan ko siyang kalimutan, kahit sandali lang, at hindi ko inaasahang ganito siya kabilis na ipaaalala sa 'kin.

Nagtaas ng kamay si Lovemir, itinuro siya ng lecturer at saka siya nagsimulang mag-recite. Pero wala akong narinig. Wala akong naintindihan. Nagsara ang buong atensyon ko at kahit ayaw ko ay pilit kong naalala ang sandaling iyon kung saan itinuro ko kay Sensui ang kaibahan ng dalawang iyon.

"Okay, Ms. Del Valle?" Bigla akong nag-angat ng tingin nang tawagin ako ng lecturer. **"How about similarities?"**

Hindi agad ako nasagot, napalingon ako kina Naih at Lovemir. **"Nang dalawa, miss?"** Tumango ito. **"It both ends with cytokinesis, miss."**

"Very good," tumalikod ang lecturer at nagsimulang magsulat sa white board. Dali-dali namang nagsipaglabasan ng notebooks ang lahat dahil iyon na ang hudyat nang pagsusulat namin.

Pero hindi lang doon natapos iyon dahil halos lahat ng lecturers ay kinumusta si Sensui. Ang iba ay nagkwento pa. Karamihan kasi sa mga lecturer namin ngayon ay lecturer din nila noon. Hindi na ako magtataka kung bakit ngayon lang nakarating sa kanila ang balita. Ang totoo ay nagdesisyon lang ang mga Enrile na sabihin iyon nang malaman nila sa amin na wala na ang mga Rewis. Panay ang pasasalamat ni Dean Enrile noon sa pamilya namin, ganoon naman katindi ang pagtataka ni Chairman Enrile kung paano namin nagawa iyon. Hanggang ngayon ay gusto kong paaminin ang Chairman kung bakit kailangang mangyari nang lahat ng ito. Pero gaya nang napansin ko noon, mukhang hindi ito aware kaya hindi rin ako masagot.

Nagdesisyon din si Dean Enrile na hindi ituloy ang Interhigh sa taong iyon. Marami ang nanghinayang at nagreklamo, syempre. Kaya naman nagpakatotoo siya, inamin niya ang tunay na dahilan. At iyon nga ay ang mga pangyayari nang nakaraan. Inamin ng Dean na takot siya at hindi sigurado kung magagawa niya bang proteksyunan ang buong paaralan kapag may hindi magandang nangyari. Kapag ganoong malaking event pa naman ay saka may nangyayaring hindi maganda. Maraming tao at madali silang nakakasalakay. Pero ang ikinatatakot ng Dean ay maraming madadamay.

Kaya nang malaman iyon ng mga magulang ay mas sumang-ayon pa sa kaniya. Sa huli, galit pa rin ang mga estudyante at dismayado dahil hindi naiintindihan ng karamihan ang mga nangyari. Ang gusto lang nila ay magsaya dahil wala nga namang klase kapag ganoong may school activity. Pero maging ang pamilya ko ay naisip na mas maigi na ngang wala nang interhigh.

"Mauna ka nang umuwi," sabi ko kay Naih nang matapos ang klase sa araw na 'yon.

"Ano?"

"Mauna ka nang umuwi."

"Bakit?"

"May practice pa kami ng sayaw."

"Max, 'di ba sabi ko naman sa 'yo mag-excuse ka na muna dyan? Hindi ka pa nga magaling na magaling, eh. Sinabihan ka rin ni Maxwell. Ang kulit mo talaga."

"Kailangan kong mag-practice, alam mong may perforamance kami sa Friday sa AVR."

"Kahit kailan ka talaga, eh, 'no?"

"Naih, kailangan kong sumali sa performance sa Friday."

"Mamaya ay papalitan ni Maxwell 'yang gasa mo, isusumbong talaga kita,"banta niya.

"Eh, di magsumbong ka."

"Talaga!"

"'Ayun si Lee, oh," itinuro ko ang papalapit na boyfriend niya. Nanlaki ang mga mata ni Naih. **"Kahit hindi ako mag-practice ngayon, eh, hindi mo rin naman ako masasabayan pauwi kaya sige na,"** nakangisi kong sabi.

Nginiwian niya naman ako 'tsaka inambaan ng batok. **"Pasalamat ka at matagal kong hindi nakasama 'tong si Lee. Kapag nagkataon talaga! Isusumbong pa rin kita mamaya!"**

"Hi, Lee," nakangiti kong bati 'tsaka tinapik si Naih sa balikat. Hindi ko na hinintay na sumagot si Lee, bagaman napansin ko seryoso niyang titig sa 'kin.

Pumasok na ako sa Social Hall at agad na nagpalit ng damit. Pagkalabas ay agad akong tumabi kay Lovemir. Dinunggol ko siya nang bahagya. Galit na naman siya nang lingunin ako kaya napangiwi ako at palihim na umismid.

"Mamaya, ah?" sabi ko pa.

"What?"

"Sabi mo pag-uusapan natin mamaya?"

"Ang alin?"

"'Yong sa 'tin."

"Anong sa atin?"

"Kung bakit ka galit sa 'kin."

"Hindi ako galit sa 'yo."

"Eh, di kung bakit hindi mo 'ko pinapansin."

"Ano ang ginagawa natin ngayon?"

"At kung bakit bigla kang naging sarkastiko sa 'kin."

"Hindi ba ako ganito sa 'yo noon?"

"Hindi ako magtatanong kung wala akong napapansin. Nagbago ka sa 'kin. Umiiwas ka sa 'kin, Lovemir." Hinarap ko siya at tiningala.

Lalo naman siyang nag-angat ng noo habang pailalim ang titig sa 'kin. **"Sige,"**sumeryoso na naman siya. **"Pag-uusapan natin mamaya. Siguraduhin mo lang na magsasabi ka nang totoo, dahil hindi ka nakakatuwa."** Paismid niyang inalis ang paningin sa 'kin 'tsaka binuhat ang gamit niya at naglakad papalayo.

Sandali akong natigilan bago ko siya sinundan ng tingin. Kunot-noo ko pa siyang pinanood na iligpit ang mga gamit niya bago muling naglakad papunta sa bandang harapan ko. Dapat ay magkatabi kami ngunit mukhang iniiwasan niya ang mga titig ko kaya doon siya pumuwesto.

Hindi na ako nangulit, hinayaan ko na lang siya. Gusto kong malaman ang pinanggagalingan ng galit niya. Kailangan naming magkabati at bumalik sa dati.

Matapos ang practice ay pinauna ko ang mga kasamahan namin gumamit ng banyo, kailangan kong mahuli. Kinausap ko si Silver na ako na ang bahalang magsara ng pinto, kahit na ao naman talaga ang madalas na gumagawa niyon. Kinausap ko rin siyang magmadaling umalis dahil gusto ko 'kakong makausap si Lovemir. Matapos ang mahigit limang minuto ay nakaalis na ang lahat, eksaktong pumasok sa banyo si Lovemir kaya naman hindi niya malalamang kaming dalawa na lang ang natira sa Social Hall. Hinintay ko si Lovemir at hindi nga nagtagal ay tapos na siyang magbihis.

Galit talaga siguro sa 'kin 'to? Inano ko ba siya? Tss.

Hindi ko makakalimutan ang huling tanong na itinanong niya sa 'kin nang gabing 'yon. Hindi ko malaman kung dahil ba doon kung bakit siya

nagagalit.

Ano ang magagawa ko, eh, taken ako? Tss. Ngayon mo 'ko tanungin, tingnan ko kung hindi magbago ang isip mo.

Nawala nang kusa ang ngiti sa mukha ko. Maging ang panonood ko sa ginagawa ni Lovemir ay naihinto ko. Pabagsak kong naibaba ang mga kamay ko at hinugot ang cellphone mula sa aking bulsa.

Kakatwang wala man lang text o tawag maski isa. Hindi ako sanay nang ganoon, lalo na sa ganitong sitwasyon. Hindi ko alam kung paanong natagalan ni Sensui ang araw na 'yon nang hindi nagte-text o tumatawag sa 'kin. Gusto kong tanungin ang sarili ko, ngunit ito mismo ang umaayaw na sumagot. Hindi ako pwedeng magpadaig sa nararamdaman ko.

"Okay na ba sa 'yong dito tayo mag-usap?" lumapit ako sa locker at sumandal doon.

Pagbagsak na isinara ni Lovemir ang pinto ng locker niya. **"Anong mag-usap?"**

"Ang sabi mo ay mag-uusap tayo, 'di ba?"

Sandali siyang tumitig sa 'kin at saka humarap. **"I'm always down for trash conversations, I hate small talk."**

"Let's make it deep and long, then,"pabiro kong sabi. **"Deep and long conversation, I mean."**

"Are you tripping me?"

"No?" paiwas kong sagot. **"Bakit mo naman naisip iyan?"**

"Dahil hindi ka ganito sa 'kin, Maxpein."

Natigilan ako at agad na nag-isip ng dahilan. **"Ang totoo ay nase-stress ako. Nararamdaman ko kasing iniiwasan mo 'ko. At gusto kong malaman kung bakit."**

"Hindi mo alam kung bakit?"

"Hindi ko ugaling magtanong ng mga bagay alam ko naman, Lovemir."

Pasiring niyang inalis ang paningin sa 'kin at saka kinuha ang bag niyang nakapating sa mesa. Nagmamadali naman akong sumunod ngunit bigla siyang humarap. Kung hindi ako naging alerto ay baka bumangga na ako sa kaniya. Masamang-masama ang tingin niya sa 'kin, napaatras naman ako kasabay nang pag-ilag. Naglakad siya papalapit at wala akong nagawa kundi ang umatras nang umatras.

At ganoon na lang ang gulat ko nang ihampas niya ang sariling palad sa pader kung saan napasandal naman ako. **"Bakit mo pinasok ang bahay**

ko?" tanong niya na mas nakapagpabigla sa akin.

"Ha?"

"Ha?" ginaya niya ang reaksyon ko sa sarkastikong paraan. **"Iyan ba ang isasagot mo sa tanong ko kung bakit mo pinasok ang bahay ko?"**

Hindi ko nagawang sumagot. Ang kaninang pagpapanggap ko ay biglang nalusaw, bumalik ako sa dati kong reaksyon at ekspresyon. Tumitig siya sa 'kin, naghihintay ng sagot. Tumitig ako sa kaniya, nangangapa ng isasagot.

"Ang akala mo ay hindi kita makikilala, tama?" muling tanong niya.

Kaya ba hindi niya na ako pinansin mula no'n? Dahil nakilala niya ako? 'Buti tinugtugan niya pa rin ako no'n? Tss. At saka para saan pa 'yong sinabi niya bago ako iwan nang gabing 'yon? Tsk. Kalokohan!

Ngunit hindi ko pa rin nagawang sumagot. Bigla ay parang nagsisi ako kung bakit ko pa siya kinulit para lang bumalik kami sa dating samahan. Hindi ko ito napaghandaan dahil hindi ko naman inaasahang makikilala niya ako.

Pero mukhang wala na akong lusot.Kung tatanggi ako ay posibleng hindi ko na lalo makuha ule ang tiwala niya.

"Answer me, Maxpein."

"Dahil gano'n ang ginawa sa 'min ng mga Rewis."

"Hindi ako Rewis."

"But you're one of them."

"What do you mean?"

"Hindi ba?" ipinakita ko sa kaniya ang aking tapang. **"Nang dumating sila, dumating ka."**

"Dahil kay Eerah." Sinabi niya 'yon nang sobrang diin. **"Dahil umaasa akong magkakabalikan kami ni Eerah."** Mas inilapit niya ang mukha sa akin, wala naman na akong maatrasan pa. **"Ano ang ginawa nila sa iyo para gawin mo iyon? Sapat na ba ang dahilan na sinabi mo ngayon? I don't think so."** Tinitigan niya ako nang todo, naghahanap pa ng sagot. **"Nasaktan ako ro'n sa ginawa mo, pisikal. Masakit talaga. Wala akong laban sa gano'n, Maxpein."**

Mataga akong napatitig sa kaniya. **"Sorry."**

Natigilan siya sa sinabi ko. Lumamlam ang galit niyang mga mata at bahagyang lumayo sa 'kin. Kung kanina ay halos kahibla na lang ng buhok ang layo niya sa akin, may kalahati na ng isang dangkal ngayon. Naaamoy ko ang mabango niyang hininga, nag-aalalangan naman ako sa amoy ng sa akin.

"Pasensya na, nadala lang ako ng galit ko," dagdag ko pa. Doon siya tuluyang lumayo.

Humakbang siya papalayo sa 'kin, nakapamaywang na naman siya nang muling humarap sa akin. **"Hindi ko pa rin maintindihan. Ginawa mo iyon nang dahil sa ginawa ng pamilya ni Eerah sa iyo—"**

"Kay Deib," pigil ko sa kaniya. **"Sa ginawa ng pamilya niya kay Deib,"**paglilinaw ko. **"'Yong ginawa nila na maaaring hindi nila alam kung ano ang pwedeng kahinatnan bago nila gawin—pero ginawa pa rin nila."**

"Kulang ang rason mo."

"Marami akong dahilan, pero kahit isa-isahin ko ay mukhang hindi mo maiintindihan."

"Sabihin mo, iintindihin ko."

Umiling ako. **"Hindi mo maiintindihan, Lovemir."**

"Paano ko maiintindihan kung hindi mo sasabihin?"

"May tamang oras para diyan, Lovemir."

"Ano ang kailangan mo sa akin?"

"Ha?"

"Bakit mo ginagawa 'to? Kung nagawa mong pasukin ang bahay ko, nasisiguro kong may dahilan ka. Nasisiguro kong may kailangan ka sa akin. Ano ang kailangan mo?"

Hindi ko napaghandaan ang tanong na iyon. Hindi imposible, pero hindi ko naisip na maiisip niyang itanong ang mga ito. Napabuntong-hininga ako. **"Wala,"**pagsisinungaling ko. **"Ayaw ko lang nang magkagalit tayo."**

"Hindi ako naniniwala sa iyo,"umiling pa siya, bahagyang nakangisi at halata ngang hindi naniniwala. **"I'm not stupid, Maxpein. I can read your actions. What do you want from me?"**

"Nothing. Unless you can give me something?"

"Like what?"

Nagkibit-balikat ako. **"Depende sa 'yo."**

Ngumisi siya at muling humakbang papalapit sa 'kin. Napaatras na naman ako nang ilapat niya na naman ang palad sa pader para makorner ako. Tumitig siya sa mga mata ko na para bang ginagalugad ang mga sagot doon. Kunot na kunot ang noo niya at nagtitiim ang mga bagang.

"You think I'm a bad person, don't you?" mahinang tanong niya.

"Aren't you?" pagbabalik ko ng tanong.

"Paano kung sabihin kong hindi, maniniwala ka ba sa akin?"

"Paano kung sabihin kong, oo?"pagbabalik ko uli ng tanong.

"Paano ko paniniwalaan ang paniniwala mo?" ibinalik niya rin uli sa akin iyon. Nakakaloko ang usapang ito. Hindi ko nagawang sumagot. **"Hindi ako tulad ng iniisip mo. I came here for a reason, and that's Eerah. Pero nagbago ang lahat nang makilala kita."**Lumamlam ang mga mata niya pero mababasa pa rin ang galit doon. **"Ang kaso...nakilala na nga ba kita? Alam ko ang pangalan mo pero ang buo mong pagkatao ay nababalot ng misteryo."**

"Anong pinagkaiba natin?" seryoso ko ring tanong. Natigilan siya. **"Magkakasabay kayong dumating sa buhay namin. Magmula no'n ay napakarami nang nangyari, Lovemir. Pangalan mo lang din ang alam ko, ang pagkatao mo ay nananatiling misteryo. Wala tayong kaibahan sa pagkakakilanlan."**

"Ang galing mong mambilog ng ulo."Mariin niyang sinabi iyon, nanininingkit pa ang mga mata. **"Pero kahit na hindi ko maintindihan ang mga ginagawa mo, nahuhulog pa rin ako sa iyo."**

Nanlaki ang mga mata ko. **"Anong sabi mo?"**

"Hindi ko na uulitin ang sinabi ko."

"Anong sabi mo?" pilit ko siyang iniharap sa 'kin matapos niya akong talikuran.

Humarap siya sa akin at muling tumitig. **"Kung hindi mo kayang magtiwala sa 'kin, 'wag mo na akong kausapin."** Tinalikuran niya ako matapos sabihin iyon. Kinuha niya ang kaniyang mga gamit at nagmamadaling lumabas ng Social Hall.

Napabuntong-hininga ako at sinundan pa siya ng tingin pero hindi ko na siya nakita pa. Sandali akong nanatili ro'n 'tsaka umalis. Hindi ko na siya naabutan pa sa parking lot kaya naman wala na rin akong nagawa kundi ang umuwi. Hanggang sa byahe ay hindi nawala sa isip ko ang naging usapan namin.

Bakit nga ba hindi ko naalalang matalino siya?

Nalilito ako masyado. Sa paraan kasi nang pananalita niya, sa galit na mararamdaman mula sa kaniya, ipinaparating niya sa 'kin mali ang pagkakakilala ko sa kaniya. Nakuha ko ang mga sinabi niya, naintindihan kong lahat maging ang mga ikinikilos niya. Hindi siya nagalit dahil sa ginawa kong pagpasok sa bahay niya. Mas lalong hindi siya nagalit dahil taken ako. Nagagalit siya dahil alam niyang kaya ko ginawa iyon dahil wala

akong tiwala sa kaniya. At iniisip niyang hindi ko kayang magtiwala sa kaniya.

Pabagsak kong iniupo ang sarili ko sa sofa. Hindi ko alam kung gaano katagal akong nanatili sa school pero nang makauwi ako ay papadilim na. Sandali kong inihilig ang ulo ko sa sofa at pumikit. Napadilat na lang ako nang may maramdaman akong lumapit.

'Ayun si Naih sa harapan ko. Masama ang tingin habang magkakrus ang mga braso. **"Ano na naman?"** angil ko.

"Nakipag-break ka kay Sensui?"

Natigilan ako at napabuntong-hininga 'tsaka muling pumikit. Gusto kong tanungin kung kanino niya nalaman pero mukhang hindi na kailangan. Nakasama niya si Lee at hindi imposibleng alam na rin nito.

"Bakit mo ginawa 'yon, Max?"muling tanong niya.

"Wala ako sa mood para pag-usapan 'yan."

"Kailan ka pa gaganahang kausapin ako tungkol dito?"

Nagmulat ako at nag-angat ng tingin sa kaniya. **"Bakit kailangan kitang kausapin nang tungkol dyan?"** hindi ko naiwasang maipakita ang inis. **"'Wag ngayon, please."**

Tumitig siya sa 'kin, nilabanan ko naman ang mga tingin na 'yon. **"Grabe ka,"** kaswal niya 'yong sinabi pero mararamdaman ang sakit. **"Nakipag-break ka kay Sensui tapos gano'n kang makisama kay Lovemir, hindi ko maintindihan."** Umiling siya nang umiling.

"Dahil wala ka namang alam."

"At ang sakit mo nang magsalita ngayon. Parang hindi na kita kaibigan."

"Naih, please," napapapikit kong sabi. **"I need peace."**

"Okay," inilahad niya ang parehong kamay at saka ako tinalikuran.

Napapapikit akong bumuntong-hininga. Napayuko ako sa mga tuhod ko at naihilamos ang mga palad ko sa mukha. Mabilis na rumehistro ang hitsura ni Sensui kanina sa isip ko. Ang sakit at lungkot sa mga mata niya ay malinaw ko pa ring nakikita ngayon. At bago pa man lumalim ang emosyon ko ay pinigilan ko na 'yon. Tumayo ako at umakyat sa kwarto.

DEIB'S POV

"'Dre!"

Tutunggain ko na sana ang bote ng beer nang magulat ako nang mangibabaw ang tinig ni Tob. Gulat ko siyang nilingon, mas nagulat pa nang makitang magkasama sila ni Lee. Kunot-noo silang naglakad

papalapit sa akin. Gusto kong tanungin kung paano nila nalaman kung nasaan ako. Pero wala naman nang saysay iyon dahil nandito na sila.

"Hindi ka raw pumasok?" bungad niya. **"'Dre, may problema ba?"**

"Deib?" naupo si Lee sa tabi ko, si Tob naman ay nanatili sa tabi ko habang ang kamay ay nasa balikat ko. **"Tell us what happened."**

"Nakipag-break sa 'kin si Taguro,"malungkot kong sabi, parang mangingilid na naman ang mga luha ko. Pero nagawa ko iyong pigilan.

"Damn, I knew it," dinig kong bulong ni Tob. Dali-dali siyang naupo sa tabi ako at ipinatong ang magkabilang braso sa pabilog na mesa. **"Bakit daw?"**

Napailing ako at saka tumitig sa boteng hawak ko. Malinaw pa sa aking lahat. Wala pa akong tama, iyon pa lang kasi ang ikatlong bote na ininom ko.

"Syempre, kasalanan ko," malungkot kong sabi. **"Kasalanan ko na naman. Kasalanan ko na lang lagi. Kailan ba 'ko magtitino?"**

"Deib, don't say that. Tell us what happened, we will listen to you."

Tumitig ako kay Lee matapos niyang sabihin iyon. **"Maniwala ka sa 'kin, 'dre, ako ang nagkamali. Kasalanan ko kung bakit kami nagkaganito."**

"Eh, kung gano'n, kailangan bang maghiwalay kayo agad?" tanong ni Tob.

"Desisyon niya 'yon, eh."

"Pumayag ka naman?"

"May magagawa ba ako?" tumingin ako sa kaniya. **"'Dre, si Taguro 'yon. Si Taguro."**

"At hindi lang si Taguro ang nagpapatakbo sa relasyon ninyo, 'dre. Maaaring mas lamang siya pero may partisipasyon ka. May karapatan kang tumanggi."

"Naiintindihan kita, 'dre. Alam ko naman 'yan, eh."

"Bakit nga pumayag ka?"

"Dahil alam kong ako 'yong mali. Ako 'yong may pagkakamali."

"Ano ba kasi talaga ang nangyari?"alalang-alala siya. Maging si Lee ay gano'n din.

Sandali akong tumingin sa kanila 'tsaka ko muling ibinaling iyon sa bote. Ayaw kong maging emosyonal nang todo, pinipigilan ko ang sarili ko. Ligtas naman na ako pero ayaw kong abusuhin ang sarili ko, mahirap na.

Sandali akong nanahimik bago ako nagsimulang magkwento. Sinimulan ko iyon mula sa Palawan kung saan nakakasabay pa silang pareho. Hanggang sa mga naging pagsasama namin ni Eerah Anitha, sa pag-iwas ko kay Taguro, maging sa nakapanlulumong mga pangyayari. Lahat ay sinabi ko at wala akong inilihim maski na isa. Emosyonal ko iyong ikinuwento pero walang luha.

"Grabe," nanlulumong nasabi ni Tob. Napahilamos siya sa mukha niya 'tsaka tumitig sa 'kin. **"Ginawa ni Eerah 'yon?"**

"Hindi ko talaga gusto ang babaeng iyon simula pa no'ng una," iiling-iling na sabi ni Lee, napatungga bigla sa beer.

"Hindi ako makapaniwalang nagawa niya sa iyo 'yon, 'dre! Putsa, ilang taon na 'yon, 'di ba?" asik ni Tob.

Tumango ako. **"Galit na galit talaga si Taguro, hindi ko alam kung mapapatawad niya pa ako."**

"Naiintindihan ko si Max, 'dre, nasaktan 'yon panigurado."

"'Dre, I have feelings too. Kapag nasaktan siya ay nasasaktan din ako. Lalo pa ngayong ako mismo ang nakapanakit sa kaniya, doble 'yong balik sa 'kin, Tob. Idagdag mo pa 'tong konsensya kong hindi matahimik. At 'yong mga..." Napailing ako. **"Ang sasakit no'ng sinabi niya sa 'kin, 'dre. Hanggang ngayon hindi ko matanggap."**

"Nagalit iyon dahil paniguradong naramdaman niya na may sandaling ginusto mo rin iyong ginagawa ng babaeng iyon," ani Lee. Napatingin kami sa kanila. **"Kahit ako ay naba-badtrip sa iyo ngayon. Kasi may sandali na nagustuhan mo 'yong halik niya. Posible kasing 'yon ang pinag-ugatan ng lahat. Kaya nagawa sa 'yo ni Eerah 'yon dahil alam niyang mahina ka."**

"Hindi ko naman 'yon gustong-gusto, 'dre. Iba lang sa pakiramdam ko," pagdadahilan ko.

"Dahil sa edad nating 'to, curious tayo."

"Pero wala sa akin 'yon. Hindi no'n mapapalitan 'yong nararamdaman ko kay Taguro."

"Anong plano mo?" napapabuntong-hininga na tanong ni Lee.

Tumitig na naman ako sa hawak kong bote. **"Ang totoo ay hindi ko alam."**

"Hindi mo alam?" nagtatakang ani Tob. **"'Dre, ayusin ninyo 'yan. Kung dahil sa babaeng 'yon ay nagkaganyan kayo, para ninyo na rin siyang hinayaang manalo. Eh, kitang-kita namang kaya no'n ginawa**

'to ay para mapaghiwalay kayo. Bakit niyo siya hahayaan? Mag-ayos kayo ni Max, 'dre. Ayusin niyo 'to."

"Tama si Tob, ayusin niyo 'to habang maaga pa," ani Lee.

"Hindi ba pwedeng magpahinga muna?" pilit ang ngiti na tanong ko.

"Deib..." Natitigilang sambit ni Lee.

Ngumiti ako at tiningnan ang hawak kong bote. **"Napapagod din kasi ako, eh. At hanggang ngayon ay napapagod ako."** Doon ko na hindi napigilan ang pangingilid ng mga luha ko.

Natawa pa ako sa sarili ko dahil nakakahiya. Hanggang ngayon ay ako ang mas emosyonal. Ako ang nagpapakita ng kahinaan. Parati na lang.

"Hindi rin kasi madali 'yong pinagdaanan ko," patuloy ko. Agad na tumayo si Tob, napapabuntong-hiningang tinapik ang likuran ko. **"Kahit kasi ako 'yong nagkamali sa 'min, nasaktan din ako. Masakit din sa 'kin 'yon lalo na ngayon na kailangan naming maghiwalay nang dahil do'n. Napapagod ako at siya 'yong inaasahan kong makakasama kong magpahinga. Alam niyo naman kung ano ang epekto ni Taguro sa 'kin, 'di ba? Higit sa lahat ay siya 'yong kailangan ko. Siya 'yong makapagpapaalis sa pagod ko."**

Mabilis na namuo ang mga luha sa mata ko at isa-isa iyong tumulo sa pisngi ko.

"Kaso siya 'yong umalis, siya 'yong kumalas. Kaya 'eto, pagod pa rin ako. I'm physically, emotionally and mentally tired, 'dre. I'm tired."

"'Dre, don't say that," hinawakan ni Tob ang braso ko. **"'Wag kang sumuko."**

"I'm tired of saying sorry, 'dre."Hindi ko na pinigilan ang maluha. **"Mahal niya 'ko, eh. Mahal na mahal niya ako. Bakit hirap na hirap siyang bigyan ako ng ikalawang pagkakataon? Bakit?"**Patanong ko iyong sinabi sa kanila. **"'Dre, I deserve a second a chance."**

"Deib..."

"Mahal ko pa rin siya, at mahal na mahal na mahal ko pa rin siya. Hindi na mawawala sa akin 'yon. Napapagod lang akong ipilit 'yong sarili ko sa kaniya kasi pakiramdam ko nasisimot na rin ako, eh. Lahat ibinaba ko na, 'dre. Napapagod na akong pilitin siya na patawarin ako."

"She's also hurt, Deib. Both of you are hurt, and maybe you're both tired. That's possible because people get tired, Deib. Maybe you both need some rest,"pang-aalo ni Lee.

Umiling ako nang umiling. **"If she wants me in her life, she has to put me there. I should't have to fight for a spot. I'm tired of chasing."**

"Pero hindi ka dapat napapagod sa taong mahal mo, 'dre," emosyonal 'yong sinabi ni Tob.

"'Yon din ang akala ko, Tob,"nakangiti kong sabi pero ang mga mata ko ay puno ng luha. **"Pero nangyari pa rin. Napagod pa rin ako."** Hindi na sila nagsalita matapos kong sabihin iyon.

Tahimik kaming uminom, ang atensyon nilang pareho ay nasa 'kin habang ang isip ko ay naglalayag sa kung saan. Iniwasan ko uling maging emosyonal. Uminom lang ako nang uminom. Ang lungkot at panghihinayang ay hindi nawawala sa puso ko. Pero hindi ko hinayaang lamunin ako niyon. Dahil iyon lang ang magagawa ko para sa sarili ko. Para hindi ako tuluyang matumba sa pinagdaraanan ko ngayon. Walang ibang tutulong sa aking tumayo kundi ang sarili ko.

Pumasok ako kinabukasan. Itinuon ko ang buo kong atensyon sa lahat ng ginagawa sa school. Napansin kong wala si Eerah Anitha pero hindi na ako nagtanong pa. Wala na akong interes sa presensya niya. Ngunit dumaan ang mga araw at hindi pa rin siya pumasok. Nalaman ko na lang na nag-drop na pala siya. Kung bakit ay hindi ko alam, wala akong interes para magtanong. Ang dumaang araw at oras ay ginugol ko sa pag-aaral at sa pagpapatino sa sarili ko.

Hindi ako nagtanong tungkol kay Taguro. Naiisip ko siya—hindi naman siya nawala sa isip ko. Pero hindi ko hinahayaang manatili siya nang matagal sa isip ko. Sinisiguro kong ang atensyon ko ay mababaling sa bagay na para rin sa ikabubuti ko. Pag-aaral lang ang nakita kong makagagawa niyon kaya doon ko ibinuhos ang lahat.

"Deib!" may tumawag sa 'kin mula sa likuran.

"Kim..." Nakangiti ko siyang hinintay na makalapit.

"Kumusta?"

"I'm good," nakangiti akong tumango.

"Lalo ka yatang gumwapo?"

"Lalo ka ring gumanda."

"Busy ka?"

"Hindi naman, katatapos lang ng klase ko," sabi ko 'tsaka isinara ang pinto ng locker ko. **"Bakit?"**

"Pwede ka bang yayaing mag-coffee?"

"Sure. Artista na ang nagyayaya, tatanggihan ko pa naman ba?" nakangiti kong sabi 'tsaka inialok sa kaniya ang braso ko. Sa ganoong lagay kami lumabas ng campus at saka dumeretso sa coffee shop. **"Kumusta ang pag-aartista mo? Balita ko may movie ka na, ah?"** tanong ko matapos um-order.

"Actually, kaya nga kita pinuntahan ay dahil do'n. Ipapalabas dito sa school 'yong movie ko."

"What do you mean?"

"Hindi niyo na kailangang pumunta sa mga cinemas kasi ipapalabas siya sa gym. Ang galing, 'no?"

"Wow, that's nice."

"Actually, nakiusap lang ako ro'n sa manager ko at sa director. Ang sabi ko bilang pasasalamat man lang sa school na pinanggalingan ko, gano'n."

"Tch. Hindi ko akalaing mapupunta ka sa ganiyan linya, Kim. Nakakatuwang tingnan. Sobrang ganda mo lalo, oh?"

"Maganda nga, wala namang lovelife," nakangiwi nitong sabi 'tsaka lumaghok sa iniinom na tea.

"Bakit naman?"

"Well, bukod sa hindi naman kailangan sa pag-aartista iyon ay walang nanliligaw."

"Sa ganda mong iyan? Meron 'yan, baka natotorpe lang."

"Bakit kaya gano'n ang mga lalaki pagdating sa 'kin? Natotorpe parati."

"Maganda ka kasi."

"Ilang beses mo nang sinabi iyan, Deib, ah? Iba na ang iisipin ko."

"Ano?" natatawa kong tanong.

Binigyan niya ako ng nagbibirong tingin 'tsaka umayos ng upo. **"Kumusta na kayo ni Maxpein?"**

Naramdaman kong nawala ang ngiti sa mukha ko. Nagbaba ako ng tingin sa kape na iniinom ko. **"Ayos naman."** 'Tsaka ako tumingin sa kaniya. **"Magkaibigan."**

Nawala rin ang ngiti sa mukha niya. **"What do you mean?"**

"We broke up."

"What?"

"And...I don't want to talk about it, Kim," pilit na naman ang ngiti ko. **"Let's talk about you."**

"Deib..."

"Kim, please." Sinikap kong ngumiti nang sinsero pero nabigo ako.

"I'm sorry," malungkot niyang sabi.

Sandaling nangibabaw ang katahimikan sa pagitan namin. **"Kailan ipapalabas ang movie mo dito?"**

"Bukas!" nakangiti niya nang sabi. **"10 AM dapat nasa gym na."**

"Manonood ako."

"Talaga? 'Sabagay, excused naman ang lahat sa klase para ro'n. Secondary at tertiary."

Nando'n din si Taguro kung gano'n. Napabuntong-hininga ako. **"Sige."**

Sandali siyang natahimik at tumitig sa 'kin. Nakangiti naman akong tumingin sa kaniya. **"Pwede ba kitang maging date bukas?"**

"Date?"

"Wala lang, kasi premiere night din bukas. After class pa naman 'yon."

"Sure," nakangiti kong sabi. **"Kung gusto mo do'n pa lang sa gym, escort-an na kita."**

Natigilan siya. **"Hindi na, kahit do'n na lang sa premiere night."**

"Kung iniisip mong may magagalit, hindi mo kailangang mag-alala."

"Deib?"

"Kim, we're okay. Ayos lang 'yon. And besides, we're friends, right?"

Napabuntong-hininga siya. **"Ikaw ang bahala. Pero salamat na ngayon palang. Mahaba kasing gown 'yong isusuot ko bukas, kailangan ko talaga ng alalay."**

"Ang gwapo ko namang alalay? Ang swerte mo."

"Yabang! Pero totoo, bakit mas gumwapo ka ngayon?"

"Hiyang yata ako sa pagiging single."

"Psh, corny."

Hindi nagtagal ang usapan naming 'yon. Inalok ko si Kim na ihatid sa bahay pero sinundo siya ni Keziah. Sandali rin akong nakipagkumustahan sa kaniya bago umuwi.

Hindi ako nakatulog nang gabing 'yon. May tatlong araw ko nang hindi nakikita si Taguro. Naiisip ko pa lang na makikita ko siya bukas ay hindi na ako matahimik. Hindi ko alam kung paano ko siyang haharapin. At sa oras na 'yon ay hinihiling ko na sana bukas ay 'wag magbago ang pakiramdam ko.

Sana bukas ay matagalan ko pa rin ang lahat.

Maaga akong nagising kinabukasan, maaga rin akong naghanda. Tama si Kim, walang klase nang umagang 'yon dahil nag-text ang Presidente ng klase para sabihin ang tungkol sa "film showing". Iyon na nga iyong movie ni Kim na hindi ko man lang nagawang subaybayan kahit sa commercials lang. Hindi ko pa nakikita ang trailer at wala ako anumang balita.

Nagtaka sina mommy sa suot kong suit nang bumaba ako. Sinabi ko naman agad sa kanila ang tungkol sa event mamaya, maging ang premiere night ay nabanggit ko. Ang sabi ni Kim ay isama ko sila kaya tuwang-tuwa si mommy. Ang kaso, inaaalala ko kapag hinanap niya mamaya si Taguro. Hindi nila alam ang tungkol sa amin at hindi ko alam kung ano ang idadahilan ko kung sakaling hanapin nila ito.

Marami nang tao sa school nang makarating ako. Bago dumeretso sa gym ay tinawagan ko si Tob. Pero hindi niya na kailangan pang sagutin 'yon nang matanaw ko silang dalawa ni Lee na nakangiting kumakaway sa 'kin.

"Putsa, hanep sa suit, 'dre, ah!" bungad ni Tob, nakipagyakapan ako sa kanilang dalawa ni Lee.

"Date ako ni Kim," nakangiti kong sabi.

"Nabanggit nga niya sa 'kin, sana ayos lang sa 'yo," ani Lee, tumango naman ako. **"Maraming makakakita."**

"Kahit na," nag-iwas ako ng tingin. **"Nasa'n na nga pala si Kim?"**

"Nasa loob na siya kanina pa, nauna na sa 'yo," natawa pa si Lee. **"Tara,"**inakbayan niya ako 'tsaka kami naglakad papasok sa gym.

Syempre, agad na umugong ang hiyawan matapos kaming makita ng mga estudyante. Halos mapuno na ang buong gym dahil sa dami ng tao. Nasa bleachers sa 'taas ang mga college students, nasa 'baba naman ang high school students. Ang mga lecturers at professors naman ay nasa unahan kasama ng matataas na peronnel sa school gaya ni Lolo. Nando'n din ang mga magulang nina Kim at Lee. Nang makita kami ni Kim ay agad siyang kumaway sa 'min at pinalapit kami sa harapan. Hindi nahinto sa tilian ang mga babae hanggang sa makalapit kami kay Kim.

"Grabe, walang kupas!" biro niya pa. **"Gusto ka tuloy makilala ng manager ko,"** nangingiti niyang sabi. **"Siya si Deib Lohr Enrile, mama,"** ani Kim sa baklang may edad na. **"Deib, si Mama Raffy, manager ko."**

Nakipagkamay ako rito. **"Nice meeting you, Sir."**

Pinalo ako nito sa braso. **"Ito naman, mama na lang."** Natawa na lang ako at hindi na sumagot pa. **"Alam mo, gwapo ka! Ayaw mong mag-**

artista? Actually, kayong dalawa, pwedeng-pwede kayong mag-artista!" aniya sa 'min ni Tob. Si Lee kasi ay nag-aartista na rin bagaman iba ang manager niya.

"Wala kaming hilig sa pag-arte, eh,"sagot ni Tob. **"Si Lee lang naman ang maarte sa 'min, bwahahaha!"**

"Loko ka, Tob," naaasar na sabi ni Lee.

Nasa ganoon kaming sitwasyon nang mapatingin ako sa backstage. Nawala ang ngiti sa mukha ko nang makita ko si Taguro. Hindi siya nakatingin sa gawi ko, may tinatanaw siya sa loob ng harang doon. Mayamaya lang ay lumabas si Lovemir, tiningnan lang siya at naupo sa bakanteng silya sa tabi ng stage. Agad na nangibabaw ang ilang tilian ng mga babae pero alinman sa mga iyon ay hindi pinansin ni Lovemir. Nilingon niya si Taguro na kasalukuyan nang kausap ng kasamahan nito sa dance troupe. Titig na titig siya kay Taguro na animong sinasaulo ang buong mukha nito.

Agad akong nagbaba ng tingin, pilit na nilalabanang makita sila. Pero mukhang mapaglaro ang tadhana dahil mayamaya lang ay umakyat si Migz sa stage. Matapos nitong magbiro at magsabi ng kung ano-ano ay tinawag nito ang dance troupe.

Bakit nga ba hindi ko naisip na posibleng may dance number sila dahil may ganitong event?

Sinikap kong 'wag tumingin. Pero sa dahil kong baka may ibang makapansin ay nanood ako. Masaya ang kanta ng sinasayaw nila pero hindi ko magawang magsaya. Pakiramdam ko ay nanlulumo ako habang pinapanood ko sila. Paano kasi'y ngiting-ngiti si Taguro na para bang walang pinagdaraanang tulad ko. Tulad ng dati ay may mga sandali pa ring walang ekspresyon ang mukha niya. Pero ngayon ay lamang na ang sandaling nakangiti siya, libang na libang sa ginagawa.

Hindi man lang niya ako nakikita samantalang isang maling tingin niya sa 'baba ay agad niya akong makikita. Kami ang nasa pinakasintro ng gitna. Nasa harap mismo ng stage. Nasa harap niya mismo. Magkaharap kami mismo. Pero hindi niya pa rin ako nakikita.

"Siya 'yong kakanta ng theme song mamaya, ah? Gwapo pala talaga siya, 'no?" dinig kong sabi ni Mama Raffy. Napatingin ako sa kaniya, nakita kong kay Lovemir siya nakatingin. **"Ang sabi ay maganda raw ang boses niyan."**

"Hindi ko siya kilala," sagot ni Kim. **"Ngayon ko lang siya nakita."**

"High school lang daw iyan, eh. Hindi nga ako makapaniwala."

"Ah, talaga?"

"Classmate ni Maxpein," sabat ko. **"Lovemir Limaco."**

"Iyon nga!" ani Mama Raffy.

Hindi na ako sumagot pa at sa halip ay tiningnan ko na lang si Lovemir na mukhang wala man lang planong ngumiti sa mga babaeng halos mamaos na sa katitili ng pangalan niya. Nakakapanibago ang sandaling iyon. Noon ko lang napanood sumayaw si Taguro nang ganoon ang pakiramdam ko. Hindi ko na tuloy maramdaman iyon gaya ng dati na nawawala ang lahat at siya lang ang nakikita ko. Hindi ko maramdamang kilabutan dahil sa lupit niyang sumayaw. Bukod kasi sa simple at paulit-ulit ang steps, wala siya masyadong exposure. Natapos ang kantang iyon nang nasa gilid lang siya, hindi gaya ng dati na napupunta siya sa harapan.

"Thank you, BIS Dance Troupe!" ani Migz. **"'Ayan! Ang gagaling nila, 'no? Yes, 'no? Yes! Syempre, nabitin na naman kayo, 'no? 'Yan kayo, eh. Kahit bigay na bigay na 'yong dance troupe, bitin pa rin! Magagaling naman kasi talaga sila, 'di ba? Yes, 'no? Yes!"**Habang nagsasalita siya ay isinasaayos naman ng ilang tao ang grand piano sa likuran niya. **"Kahit ako ay bitin na bitin. Kaya 'wag na nating patagalin! To sing the theme song of the movie, let us all welcome, Mr. Lovemir Limaco!"**

Ganoon kabilis na nakapagpalit ng damit si Lovemir. Gaya ko ay nakasuot na rin ng suit ito ng kulay itim na suit at puting-puting polo sa loob. Maayos na ang buhok niya at walang bahid ng pawis na nakuha niya sa pagsasayaw. Muling nangibabaw ang tilian ng mga babae, alinman sa mga ito ay hindi niya pinagkaabalahang lingunin.

"Ang gwapo niya, ano? Pwedeng-pwedeng maging artista!" sabi ni Mama Raffy. Nakita kong tumango-tango si Kim.

Naupo si Lovemir sa harap ng piano at saka iginala ang paningin sa lahat, dahilan para mas mangibabaw ang mas malakas pang tilian. Napalingon ako sa tabi ng stage kung saan muling lumabas mula sa backstage si Taguro. Maayos na rin ang bihis niya, nakapagpalit na. Naupo siya sa isang silya, nasa bandang unahan ng stage pero nasa 'baba. At saka tumingin kay Lovemir. Nilingon kong muli si Lovemir at agad na kumuyom ang mga palad ko nang makita itong nakatingin kay Taguro. Napasinghap ako nang makita ko si Taguro na ngiting-ngiti na rito.

Napapikit ako at sandaling pinangunutan ng noo ang nakita ko. Mayamaya lang ay nagsimula na si Lovemir na tipahin ang piano. Mas umugong ang malakas na tilian at hiyawan, paulit-ulit na isinigaw ng mga estudyante ang pangalan ni Lovemir. Inulit naman nang inulit ni Lovemir ang intro. Nagulat na lang ako nang bigla siyang tumingin sa gawi namin, kay Kim mismo. Nasisiguro kong sa ginawa niyang iyon ay malalaman na ni Taguro kung nasaan ako. Katabi ko lang si Kim kaya imposibleng hindi niya ako makita. Pero hindi ako lumingon kung nasaan siya.

"This song is dedicated to Ms. Kimeniah Sirvey Gozon." Tumango siya 'tsaka mas nilakasan ang pagtipa sa piano.

Sana'y maulit muli ang mga oras nating nakaraan. Bakit nagkaganito? Naglaho nga ba ang pag-ibig mo? Sana maulit muli, sana'y bigyan ng pansin ang himig ko. Kahapon, bukas, ngayon, tanging wala nang ibang mahal...

Inantig ng liriko ang damdamin ko. Kahit ayaw ko ay kusa akong napalingon kay Taguro. Na kay Lovemir ang paningin niya. Seryosong-seryoso at walang emosyon ang mukha.

Kung kaya kong iwanan ka...'di na sana aasa pa. Kung kaya kong umiwas na...'di na sana lalapit pa. Kung kaya ko sana...

"Ang ganda nga ng boses niya, grabe," sabi ni Kim na panay ang pagsabay sa ritmo ng kanta.

Kung ako ang tatanungin ay maganda talaga ang boses ni Lovemir. Iyon 'yong boses na kayang patahimikin ang lahat. 'Yong boses na kayang agawin ang atensyon ng kahit na sino. 'Yong boses na kayang pukawin ang puso mo dahil damang-dama nito ang bawat sinasambit na liriko. Pero ang lahat nang iyon ay hindi ko nakikita o nadarama sa t'wing maiisip ko ang pagdikit-dikit niya kay Taguro.

Ibalik ang kahapon, sandaling 'di mapapantayan. Huwag sana nating itapon, pagmamahal na tapat.

Talagang damang-dama ni Lovemir ang pagkanta. Napapapikit pa at ang emosyon ay mararamdaman sa bawat salitang inaawit niya.

Kung ako'y nagkamali minsan, 'di na ba mapagbibigyan?

Muli akong napatingin kay Taguro nang dahil sa lirikong iyon at ganoon na lang ang gulat ko nang makitang nakatingin din siya sa akin.

O, giliw, dinggin mo ang nais ko.

Pakiramdam ko ay emosyon ko iyon na inilagay sa boses ni Lovemir para maiparating kay Taguro ang nararamdaman ko. Nanatiling nakalapat sa

isa't isa ang paningin namin. Walang humihingi ng tawad, walang nagpapaaawa, nakatingin lang isa't isa na para bang nakalutang at wala na ring pakialam.

OceanofPDF.com

CHAPTER 210 : THE SUFFERING

CHAPTER 210

LOVEMIR'S POV

Sa isang kilalang mall sa Manila gaganapin ang premiere night ng movie. Hindi ko inaasahang iimbitahan ako ng producer at director at wala akong nagawa para tumanggi dahil ibinigay na nila sa akin ang dalawang ticket.

Hindi ko inaasahang ganoon kalakas ang pelikula, sa labas pa lang kasi ng mall ay napakarami nang tao. May red carpet sa gitna at may barricades naman sa magkabilang gilid niyon papunta sa entrance. Nagkalat ang media, ang ilan pa nga sa mga iyon ay itinutok sa 'kin ang lente ng mga camera nila nang bumaba ako ng sasakyan. Nahinto lang sila nang umiwas ako sa bungad ng red carpet, at sa halip ay tumayo ako sa bandang likuran nila. Doon sa pwesto kung saan dumaraan ang mga paparating na sasakyan.

Nasa ganoon naman akong sitwasyon nang huminto ang isang puti na limousine sa harap ko. Napabuntong-hininga pa ako dahil ang pinto ay nasa mismong harapan ko. Tumabi ako at bago ko pa magawang mag-iwas ng tingin ay lumabas na roon si Deib Lohr. Nagtama ang paningin namin pero siya rin ang naunang nag-iwas. Lumabas ang driver at binuksan ang pintong kanina ay nasa harapan ko, mula roon ay lumabas naman ang artistang babae.

Agad na nagpitikan ang liwanag sa gawi namin. Kaliwa't kanan ang mga flash ng camera. Ang mga bouncer at guard ay agad na umalalay upang harangan ang kinaroroonan namin.

Nakangiti na ang artista nang mag-angat ng tingin sa akin. Pinagmasdan niya ang kabuuan ko 'tsaka inilahad ang kamay. **"I'm sorry we didn't had the chance to meet earlier, I'm Kimeniah Sirvey Gozon."** Mas pinangibabaw ng suot na pulang dress ang kaniyang ganda. Lantad ang kaniyang likuran bagaman bahagya iyong natatakpan ng nakaladlad niya na mahabang buhok. Tumangkad din siyang tingnan dahil sa mataas na sapatos. Ang palamuti niya sa katawan ay nakadaragdag sa kinang niya.

"Lovemir Limaco," kaswal kong tugon. Agad na naagaw ni Deib Lohr ang atensyon ko, na noon ay naglalakad na papalapit sa akin.

"Would you mind if I ask why you are still here? Pwede nang pumasok," ani Kimeniah na itinuro pa ang entrance.

Nilingon ko siya. **"I'm waiting for my date."**

"Date? I see..."

"I'm waiting for Maxpein," pormal kong sabi 'tsaka ko nilingon si Deib Lohr na ngayon ay medyo may kasamaan na ang tingin sa akin. **"She will be my date tonight."**

"Do as you please," tugon ni Deib Lohr. **"I won't mind."**

"It's not like I'm asking for your permission though." Ngumiti ako sa huli.

Tumikhim si Deib Lohr at mas sumama ang tingin sa akin. Magsasalita na sana siya nang mag-ingay ang paparating na motor, sinadyang ipahayag ang presensya niya.

Sabay-sabay kaming napalingon nang humimpil ang pamilyar na motor sa tagiliran namin. Napaismid ako sabay iling nang magawa ni Maxpein na iparke ang motor niya nang isang likuan lang. Hinubad niya ang helmet at saka isinabit iyon. Inayos niya pa ang kaniyang buhok bago humarap sa amin.

"Hinde naman siguro ako late?" mayabang pang aniya 'tsaka lumapit sa amin.

Pare-pareho kaming napatingin sa kabuuan niya. Nakasuot siya ng black leather jacket, white blouse, khaki pants at high cut boots. Nakaladlad lang ang buhok niya at bagaman walang make-up ay pinagmukha siyang maayos nang mamula-mula niyang pisngi at labi.

"Pasensya na, hinde ko kase napaghandaan ang gabing 'to kaya ganito ang itsura ko," dagdag niya nang mapansing nakatingin ang lahat sa suot niya. **"Pwede naman akong umuwe kung hinde pwede ang gantong itsura dito--"**

"No, no," tanggi ni Kim. **"Hindi talaga nawawala ang kaastigan mo, na-amaze lang ako."**

"Tss. Parang ikaw, sa malayo palang maganda na," ngumisi si Maxpein at saka nilingon ang nobyo.

"Good evening," pangunguna ni Deib Lohr pero tinanguan lang siya ng nobya na agad bumaling sa akin.

Nilingon ko si Maxpein, napabuntong-hininga ako at saka namulsa dahil sa kaniyang wirdong itsura. Magkakrus ang mga braso niya at bahagyang

nakayuko na animong sinisilip ang mukha ko. Tumaas ang kilay ko sa iniasta niya, lalo na nang ngumisi siya sa akin at tumango.

"Gwapo mo, ah? Artista ka ba?" pabiro na aniya, nagniningning ang mga mata.

Napabuntong-hininga ako, hindi ko magawang makatugon maski sa magandang reaksyon. Sa gilid kasi ng aking mga mata ay nakikita ko ang masamang mukha ni Deib Lohr. Hindi ko naiwasang magtaka, kakaiba ang mga ikinikilos nila.

May problema ba sila? Tch.

Magsasalita na sana ako nang may dumating na namang tatlong magkakasunod na sasakyan. Mula roon ay bumaba ang mga kaibigan nina Deib Lohr at Maxpein. Nandoon din ang pinsan ni Kimeniah na artista. Kaya naman lalong nagkislapan ang mga flash ng camera sa gawi namin.

"Okay ka lang?" hindi ko inaasahan ang tanong ni Maxpein.

Nagbaba ako ng tingin sa kaniya. **"Yes."**

"Baket tahimik ka?"

"Kailan ba ako nag-ingay?"

"Ang sungit mo pa rin," nakangiwing aniya, masama kunyari ang tingin.

"Makulit ka pa rin," pabulong kong tugon.

"Taray ng outfit mo, 'te!" bungad ni BJ.

"Hindi mo naman sinabing darating pala dito si Robin Padilla, Kim," biro naman ni Migz matapos pasadahan ng tingin ang kabuuan ni Maxpein.

"'Daming artista dito, ah?" nangibabaw ang boses ni Zarnaih. **"Lahat magagaling umarte! Akalain mo 'yon?"** nang makalapit siya ay nasa amin na ni Maxpein ang kaniyang paningin. **"Hinde ko alam na bukod sa pagiging action star ay magaling ka rin sa drama, kaibigan?"** Sumama ang tingin ni Maxpein sa kaniya pero nginiwian lang ito ni Zarnaih at inismiran. **"Hi, Deib!"**

"Tch. Parrot," anito na hinawakan sa likuran si Kim. **"Let's go?"**

"Let's go, guys!" anunsyo ni Kim, tumingin pa siya sa akin at ngumiti.

Nauuna silang lahat, kaming dalawa ni Maxpein ang nasa likuran. Naglakad kaming lahat sa red carpet, ang bawat isa ay may kapares. Sina Kimeniah at Deib Lohr, Zarnaih at Lee Roi, Tobi at Michiko, BJ at Migz, ako at itong walang karea-reaksyon kong katabi, si Maxpein. Nahinto kami nang huminto si Kimeniah, nakangiti niyang nilingon ang bawat media sa

magkabilang gilid namin. Maging si Lee Roi ay huminto at tumayo sa tabi nina Kimeniah at Deib Lohr para ngumiti sa lahat ng kumukuha ng litrato sa kanila.

"Grabe, ganito pala ang feeling ng mga artista, nakaka-stress! Kailangang nakangiti ka kahit saan ka tumingin," sinabi iyon ni Migz nang hindi inaalis ang ngiti sa kaniyang labi, nang hindi iginagalaw ang kaniyang bibi.

"Kimeniah! Kimeniah!" nangibabaw ang malakas na tinig ng isa sa mga media. **"Siya na ba ang boyfriend mo? Ano ang pangalan niya?"** pasigaw ito kung magtanong upang magkarinigan sila.

Ngumiti si Kim 'tsaka bahagyang lumapit sa media. **"His name is Deib Lohr Enrile, from the Enrile clan. He's a good friend of ours."**

"Bagay na bagay kayo! Hindi ba magkakaroon ng pagkakataon na magkatuluyan kayo?" tanong naman ng isa pang taga-media.

"No," Kim replied.

Napabuntong-hininga ako sa pagkabagot, sunod-sunod kasi ang tanong sa mga ito. Maging si Lee Roi ay tinanong nang ganoon, hindi naman ito nag-alinlangang aminin sa lahat na ang kasamang babae ay kaniyang nobya. Itinuon ko na lang ang pansin sa katabi ko na magkakrus ang braso at nakatingala sa kung saan. Tumingala rin ako, nakatingin siya sa mga bituin. Pinanood ko rin ang pagkinang ng mga iyon bago ako nagbaba ng tingin kay Maxpein. Doon ko nabasa ang lungkot sa kaniyang mga mata, hindi maipaliwanag na lungkot. Malamlam ang kaniyang mga mata at animong nakikipag-usap sa pagtitig sa mga bituin. Hindi mababasa o maririnig ang mga sinasabi, pero makikita at mabibigyan ng sariling kahulugan.

"Kim, wala ba dito si Dingdong, ha?" nangibabaw na naman ang tinig ni Zarnaih, walang kasinlakas ang boses niya.

"Hindi, eh," natatawang tugon ng babaeng artista. **"Let's go, guys,"** anyaya muli ni Kim 'tsaka kami nagtuloy papasok.

Wala na masyadong tao sa mall, tahimik kaming nakapasok sa cinema. At doon ay sumalubong sa amin ang mas maraming tao. May ilan akong kilalang tao na sa telebisyon ko lang nakikita, at maging sa radyo at pahayagan ay maririnig at mababasa ang mga pangalan. Ang karamihan naman ay mga fans na kasalukuyan nang ipinagsisigawan ang pagmamahal at paghanga sa magpinsan, lalo na sa babae. Naagaw namin ang atensyon ng mga iyon, dahil kay Kimeniah. Marami ang nakipagbatian sa magpinsan,

ilang saglit pa silang nakipag-usap sa mga ito bago kami inanyayahan ng babae sa unahan kung saan nakareserba ang isang hilera ng upuan.

Hindi pahaba ang mga silya, paarko iyon at halos hugis "U". Sinadyang ilagay sa harapan ang mga silyang iyon, iba sa mga upuan ng cinema, para sa mga VIP ng event na iyon. Kaya nang maupo kaming dalawa ni Maxpein sa kabilang dulo, ay matatanaw pa rin sina Kimeniah at Deib Lohr na halos nasa harapan namin. Medyo may kalayuan, nasa harapan naming pareho ang hagdanan paakyat sa entablado kung nasaan din ang malaking screen. May grand piano sa unahang gilid ng entablado, mukhang may performance bago at matapos ang event, bukod sa mikropono at podium sa gitna. May mga silya rin sa entablado, mukhang may interviewing na magaganap bago simulan ang palabas.

"Ang lalim ng hininga mo, ah?" natatawang bumaling sa akin si Maxpein. Naglapat ang mga labi ko. **"Okay ka lang ba?"**

"Ikaw?" pagbabalik ko ng tanong.

Kumunot ang noo niya 'tsaka bahagyang tumawa. **"Oo naman, medyo nilalamig lang."**

"Naka-jacket ka na't lahat, nilalamig ka pa?" nakangiwi kong sabi. Ngumisi siya at saka tumitig sa akin, lalong nangunot ang noo ko at saka nag-iwas ng tingin. Gusto kong mapapikit dahil sa lakas ng dating nang ginawa niya.

"Alam mo ba na hinde ka pa naging ganito kasunget sa 'kin?" tanong niya, muli ko siyang nilingon. **"Gano'n ba katinde 'yong atraso ko sa 'yo?"**

"Ang pasukin ang bahay ko? Oo."

"Sorry na nga, 'di ba?"

"Hanggang ngayon ay hindi ko maintindihan 'yon, Maxpein."

Nadinig ko siyang bumuntong-hininga. **"Pinasok ko ang bahay mo dahil alam kong ikaw 'yong nakaharap ko sa bahay ni Dean Enrile."**

Nagsalubong ang mga kilay ko, napatitig ako sa walang reaksyon niyang mukha. Hindi ko nagawang magsalita agad, hindi ko alam kung paano siyang sasagutin. Naglaban kami ng titig hanggang sa ako ang unang sumuko.

"I'm looking for something," tugon ko mayamaya.

"Something... or someone?" tanong niya. Napalingon uli ako sa kaniya. Seryosong-seryoso siya at hinihintay ang sagot ko. **"Hinde mo sinaktan**

ang Dean, pero pinasok mo ang bahay niya. Ipinaramdam ko lang sa 'yo 'yong ginawa mo sa kaniya."

Nanatili akong nakatitig sa kaniya at saka nagsalita. **"Hindi ko siya sinaktan ng pisikal gaya nang ginawa mo sa 'kin, Maxpein."**

Natigilan siya at saka nag-iwas ng tingin. **"Baket nga ba hinde ka lumaban?"**

"Hindi ako pumapatol sa babae, sa ganoong laban. Bigyan mo 'ko ng ibang klase ng laban, papatulan kita." 'Tsaka ako ngumisi.

Nag-iwas siya ng tingin. **"Alam mong ako 'yon, pero pinuntahan mo pa rin ako at tinugtugan sa party nang gabi ring 'yon? Nakakatuwa."**

"Why, did you expect me to get even?"

Ngumiwi siya. **"Siguro ang ay inaasahan kong magsusumbong ka sa mga Rewis."**

"Mukha ba akong nagsusumbong?" sinunggaban ko siya, at hindi man lang siya natinag.

"Bakit nga hinde ka lumaban?"

"Kailangan pa ba ng sagot ng tanong na iyan? Hindi ba pwedeng ayaw ko lang?"

"Tss. 'Bute hinde ka nagpatalo? Kahit... mukhang gano'n ang naging dating sa 'kin," lalo siyang ngumisi.

Ngumisi rin ako. **"I won't appear weak just to make you feel strong, Maxpein. I'm different."**

"Kaya pala ang sabe mo ay wala kang laban?" nakangisi niyang sabi.

Tumaas ang kilay ko. **"Sa pelikula lang ako nakakakita ng lalaking nananakit ng babae sa ganoong paraan, Maxpein. Wala tayo sa palabas. Kung ako ay nasaktan doon sa ginawa mo, ano sa tingin mo ang mararamdaman mo kung ako ang gumawa niyon sa iyo?"**

Nakangisi siyang tumitig sa akin, para bang may nakakatuwa siyang naiisip. Bumuntong-hininga siya bago nag-iwas ng tingin. **"Nadala ako sa galit ko, pasensya na."**

"Dahil iniisip mong katulad ako nina Eerah?"

"Ano nga ba sina Eerah?" muli niya akong nilingon.

"Sa dami nang ginawa mo, hindi mo pa rin nalaman?" ngumisi ako.

"Alam kong may alam ka, Lovemir."

"Hindi ka naman lalapit sa akin kung wala, hindi ba, Maxpein?"

Tumaas ang noo niya, sumama ang tingin sa akin at naging mas malalim. **"Tell me."**

"What?"

"Everything." Bumalik ang maangas niyang dating, iyong iniiwasan ng marami. Iyong maangas na paraan niya nang pakikipag-usap. **"Sabihin mo sa 'kin lahat nang nalalaman mo."**

"I don't know that much, Maxpein."

Pabulong siyang nagmura, iyong kakaibang paraan niya nang pagmumura, 'tsaka nag-iwas ng tingin. Mas masama na ang tingin niya nang ibalik iyon sa akin. **"Ano ang kelangan nila sa amin?"**

"I said I don't know that much, stop asking me, Maxpein."

"She's your ex, I'm sure you know a lot."

Lumalim ang tingin ko sa kaniya. **"Dahil sa pagiging malapit ko sa iyo, sa tingin mo ay pagkakatiwalaan niya pa ako?"**

"Malapit? Sa anong paraan ka naging malapit sa 'kin?"

"Ganito kalapit," lumapit ako sa kaniya, hindi man lang siya natinag. Hindi man lang natinag sa malalim naming tinginan. **"When will you believe me, Maxpein? What can I do to make you trust me?"**

Nangunot ang noo niya. **"Hinde hinihingi ang tiwala, Lovemir, ibinibigay 'yon. Hangga't hinihingi mo ang tiwala ko, wala akong dahilan para ibigay 'yon sa 'yo."**

"Then at least try to believe me."

Ngumisi siya. **"Nakalulungkot mang sabihin pero ang paniniwala ko ay base sa ikinikilos ng kaharap ko. Hinde ako maniniwala sa 'yo hangga't may nakikita akong hinde totoo."**

Tumitig ako sa kaniya at kalaunan ay napangisi rin ako. Hindi ko malaman kung bakit aliw na aliw akong tingnan siya matapos niyang sabihin 'yon. **"Kung magpapakatotoo ako, sasagutin mo ba 'ko?"** Mabilis na nawala ang kaniyang ngisi, tumindi naman ang aking pagkakangiti. **"I was just kidding."** Nakangisi kong iniiwas ang aking tingin. **"Baka mayamaya ay batiin ako ng sapak ng boyfriend mo."**

Hindi agad siya nagsalita bagaman nararamdaman ko pa rin ang kaniyang paningin sa akin. **"May gusto ka ba sa 'kin?"** biglang tanong niya.

Hindi ko maintindihan kung bakit nagulat pa ako, 'tsaka ako lumingon sa kaniya. **"Yes,"** sinsero kong sagot. **"And that's my problem right now."** Muli akong nag-iwas ng tingin at saka ngumisi. **"Tch. I am very attracted to a person I have no chance to be with."**

Hindi ko gusto ang katotohanang gusto ko siya, hindi ko iyon matanggap. Higit na ang pagpapakatotoo ko sa nararamdaman ko sa kaniya. Ewan ko kung ano ba ang meron sa babaeng ito para pakilusin ako ng ganito. Kahit kailan ay hindi ako umamin sa isang babae ukol sa nararamdaman ko.

It took me a lot of hard drinks to confess my feelings to Eerah. Bakit ganito kadali para sa akin na umamin sa kaniya? Damn, stupid feelings.

Nadinig kong bumuntong-hininga si Maxpein. **"Baket?"**

"Anong bakit?" tanong ko nang hindi siya tinitingnan.

"Baket ka may gusto sa 'kin?" tanong niya.

Nagkibit-balikat ako. **"I don't know yet, I'm still looking for a reason."**

"Tss. *Kojitmal*."

Nangunot ang noo ko at nilingon siya. **"What?"**

Hindi na siya nagsalita pa, tumitig siya sa harapan kaya agad na rin akong lumingon doon. Hindi ko man lang namalayang nagsisimula na pala ang event, mukhang ganoon din siya. May lalaking nagsasalita sa unahan, gustuhin ko mang makinig ay wala akong maintindihan sa mga sinasabi niya. Mayamaya lang ay tinawag nito ang direktor at producer, at ilang saglit pa tinawag na ang mga artistang gumanap marahil sa pelikula kasama ni Kimeniah.

Hindi nga ako nagkamali, in-interview ang mga artista. Ang mga tanong ay patungkol sa palabas at sa mga karanasan ng mga artista habang binubuo iyon. Pero mayamaya lang ay nabaling na lang kay Kimeniah ang mga tanong, ang masama pa ay dawit si Deib Lohr doon. Tinutukso ang mga ito sa isa't isa, hindi nalalaman ng karamihan na ang nobya ng lalaki ay may katabi ring iba.

Pasimple kong nilingon si Maxpein, magkakrus lag ang braso niya at deretsong nakatingin sa unahan. Parang bagot na bagot siyang pakinggan ang usapan ng mga naroon. Gusto ko siyang tanungin kung may problema sila ng nobyo, bagaman halata naman na iyon. Madalas ko silang makitang mag-away, pero ngayon ko lang nakita si Maxpein na walang pakialam. Madalas kasi ay iyong nobyo lang ang kaniyang inaalala. Pero mukhang wala akong makukuhang maayos na tugon sa kaniya ngayon, sa dating niya ay para siyang baril na puputok kapag sumagot.

Ilang saglit pa ay nagsipagbulungan na naman ang manager, producer at director, ang masama pa ro'n ay tumingin ang mga ito sa gawi namin. Napabuntong-hininga ako dahil nang gawin nila iyon ay napunta sa amin

ang lahat ng atensyon. Ipinatong ko sa armrest ang aking siko at pinaglaro ang mga darili ko sa aking labi. Pinanood kong bumaba ang manager at maglakad papalapit sa amin. Napaiwas ako ng tingin bago sinalubong ito ng tingin habang napapailing.

"Mr. Limaco?"

"Yes, Sir?"

"Mama na lang," aniya pa matapos kong tumayo. **"Hindi makararating ang singer namin, nasa program list kasi na kakantahin muna ang theme song bago simulan ang palabas. Pwede bang i-request ka ulit namin?"** nakikiusap ang mga mata at tinig nito.

Napabuntong-hininga ako. Hindi ako preparado. Mas lalong hindi ako handa sa ganitong kalaking audience. Napailing ako at nagbaba ng tingin kay Maxpein. Tumaas ang parehong kilay niya, nakangusong umilag sa tingin ko.

"Baket sa 'kin ka nakatingin? Nasa akin ba ang boses mo? Tss."

"Tch," nag-iwas ako ng tingin sa kaniya. **"Samahan mo 'ko."**

"Ano?" nagugulat niyang tanong, isinenyas ko ang stage. **"No way,"** umiling siya nang umiling 'tsaka muling pinagkrus ang mga braso at nag-iwas ng tingin. Nang hindi ako magsalita ay muli siyang nag-angat ng tingin sa 'kin. **"Hinde ako sasama ro'n, okay?"**

Napabuntong-hininga ako at saka nag-iwas ng tingin. *Damn it.*

"Please, Lovemir?" muling pakiusap ng manager.

Napalingon ako sa mga nasa entablado, nakangiti ang karamihan sa mga naroon pero mababasa ang pag-aasam na pumayag ako sa mata ng mga tao. Mas malalim ang naging buntong-hininga ako at saka iiling-iling na tumango. Agad na nangibabaw ang palakpakan nang maglakad ako kasabay ng manager.

Habang isineset-up ang grand piano at mikropono ay ipinaliwanag ng emcee kung bakit ako, imbes na ang kilalang singer, ang kakanta. Malakas daw kasi ang ulan sa labas, na-traffic ng kilalang singer at nag-aalalang baka masyado nang gabihin bago makarating. Nakiusap umano ito na kung maaari ay ipagpaliban na ang kaniyang performance. Pero ayon sa emcee ay may kapalit naman, at ako na nga iyon.

Panay ang pagbuntong-hininga ko, hindi ko magawang ituon ang aking paningin sa napakaraming tao sa harapan ko ngayon. Marami ang nagpapalakpakan pero mas marami ang naghihiyawan. Sina Migz, BJ at Michiko ay panay ang pagsigaw ng aking pangalan. Nang lingunin ko si

Maxpein ay nakangisi na siya sa akin 'tsaka umiling. Gusto kong mangiti sa hindi maipaliwanag na dahilan bagaman masama na ang tingin ko sa kaniya.

Habang hindi pa naka-set-up ang lahat ay tinipa ko ang piano, maayos tugtugin iyon at mukhang hindi ako mahihirapan bagaman noon ko lang iyon magagamit. Maganda ang kanta, may halaga rin iyon sa akin sa totoo lang. Hindi lang minsan kundi maraming beses ko ring pinaulit-ulit na kantahin iyon. Hindi dahil sa palabas na ito, kundi dahil sa personal kong pinagdaanan.

"Let's give a round of applaude for Mr. Lovemir Limaco!" anunsyo ng emcee, muling nangibabaw ang palakpakan.

Sinadya kong hindi tumingin sa harapan, itinuon ko ang aking paningin sa mga key ng piano. Humupa ang ingay nang magsimula akong tumugtog, pinakikinggang maigi ang bawat key na pinipindot ko. Hindi lang isang beses kung hindi dalawang beses kong inulit ang intro 'tsaka ako pumikit upang simulan ang kanta.

♫ ♪ ***"Sana'y maulit muli ang mga oras nating nakaraan. Bakit nagkaganito? Naglaho nga ba ang pag-ibig mo? Sana maulit muli, sana'y bigyan ng pansin ang himig ko. Kahapon, bukas, ngayon, tanging wala nang ibang mahal..."*** ♪♫

Hindi ko naiwasang maalala ang dating pakiramdam nang kantahin ko ito noon. Pakiramdam ko ay ako na ang may pinakamasakit na pinagdaraanan nang kantahin ko ito para kay Eerah Anitha. Walang kasinsakit ang nararamdaman ko noon. Iyong pakiramdam na gustong-gusto kong makipagbalikan sa kaniya ngunit wala akong magawa kundi ang iisantabi na lang ang lahat dahil alam kong wala na akong pag-asa pa.

~FLASHBACK~

"You're not going to leave me, right, Lovemir?" umaasang tanong ni Eerah.

Pinigilan ko ang aking damdamin, damang-dama ko ang sakit na nararamdaman niya. **"There are things that I have to do, Eerah."**

Umiling siya at saka pinilit na ngumiti. **"You can them with me, Lovemir,"**umaasa ang tinig niya.

"But I prefer to do them alone."

"So you're going to leave me?"

"I have no choice."

"I can be your choice, Lovemir," lumapit siya at humawak sa braso ko matapos huminga nang malalim. **"I can be your best option. Please,"** matagal siyang tumitig sa akin, nagpipigil ng emosyon. **"Please, don't leave me."** Inalis ko ang kamay niya at saka bumuntong-hininga. **"Lovemir, please, I love you."**

"But I can't fight for you, Eerah. I can't. Some things are not meant to be and so as people. We're not meant to be together, Eerah."

"But you said we will be together, no matter what? Lovemir, I'm holding on to those words."

"Mahihirapan ka lang kapag pinili mo ako." Iyon na ang pinakamasakit na sinabi ko. Sa mga salitang iyon ay sinabi at ipinakita ko ang kahinaan ko, ang kakulangan ko para ipaglaban ang taong mahal na mahal ko. **"Hindi tayo matatahimik, Eerah. Gusto kong magkaroon ka ng magandang buhay, iyong buhay na hindi ko maibibigay. Mas alam ng Chairman kung ano ang makabubuti sa ating pareho, ang pinakamaiging gawin ay ang sumunod. Magulang siya, mas naiintindihan niya ang tama at mali."**

"So, tama nga ako? Pinalayo ka niya sa akin?"

"May sarili akong utak, may kakayahan akong mag-isip. Desisyon ko 'to."

"Ang iwan ako?"

"Oo."

Bumagsak ang mga balikat niya. Tumitig sa akin na para bang nawawalan nang pag-asa. Nakagat niya ang labi upang pigilan ang pagluha at saka nagbaba ng tingin.

"Was it easy?" tanong niya.

Napailing ako. **"Was what easy?"**

"Was it easy for you to leave me?"

"Eerah..." Nanlumo ako, gaya niya ay bumagsak din ang mga balikat ko. Sinikap kong pigilan na hawakan siya, bahagya akong lumapit pero umatras siya. **"Walang madali sa ginagawa ko ngayon, kung alam mo lang."**

Umiling siya nang umiling 'tsaka nagbaba ng tingin. **"Saying all these stuff and acting like nothing is wrong, like we're nothing... Like I was nothing,"** noon lang ulit siya tumingin sa akin. **"Being forced to leave this relationship feels like shit, Lovemir."** Nagsimulang tumulo ang kaniyang mga luha. Unti-unti ay sumama ang tingin niya sa akin. **"Though I cannot**

understand you, and your damn reasons, though it hurts. Okay, then, go. I'll be all right."

"Eerah..."

"Just go," aniya at saka tumalikod. **"And don't come back."** 'Tsaka pa lang siya naglakad papalayo sa akin.

Bumuhos ang malakas na ulan nang sandaling iyon, kasabay nang pagpatak ng aking mga luha.

~END OF FLASHBACK~

♫♪"Kung kaya kong iwanan ka, 'di na sana aasa pa. Kung kaya kong umiwas na, 'di na sana lalapit pa. Kung kaya ko sana..."♫♪

Magmula nang gabing iyon ay paulit-ulit ko nang kinanta ang kantang ito gamit ang bibig, puso at isip. Sa hirap nang pinagdaanan ko ay hindi ko inaasahang kakantahin ko ito ngayon sa ibang dahilan. Dahil sa pakiusap. Hindi ganoon kagaan ngunit hindi na rin ganoon kabigat.

Nagmulat ako at eksaktong tumama ang paningin ko kay Deib Lohr. Na noon ay nakababa ang tingin, prenteng-prente sa pagkakaupo habang magkakrus ang parehong binti. Ang mga kamay niya ay magkakrus din at ang mga siko ay parehong nakapatong sa armrest. Para bang napakalalim ng kaniyang iniisip nang sandaling iyon.

♫♪"Ibalik ang kahapon, sandaling 'di mapapantayan. Huwag sana nating itapon, pagmamahal na tapat. Kung ako'y nagkamali minsan, 'di na ba mapagbibigyan? O, giliw, dinggin mo ang nais ko."♫♪

Noon naman ay nilingon ko si Maxpein, hindi na gaya kanina ang dating nang pagtingin niya. Ngayon ay para bang napakalalim na rin ng kaniyang iniisip. Pero hindi gaya ng nobyo niya ay wala akong mabasang emosyon sa kaniya. Para bang nanonood siya sa akin pero walang nakikita, naririnig niya ako ngunit hindi pinakikinggan.

♫♪" Kung kaya kong iwanan ka, 'di na sana aasa pa. Kung kaya kong umiwas na, 'di na sana lalapit pa. Kung kaya ko sana."♫♪

Hindi ko inaasahang matapos kong kantahin ang linyang iyon ay magtatama ang paningin namin ni Maxpein.

♫♪"Ito ang tanging nais ko, ang ating kahapon, sana maulit muli... 'Di na sana aasa pa. 'Di na sana lalapit pa. Kung kaya kong iwanan ka, 'di na sana aasa pa. Kung kaya kong umiwas na, 'di na sana lalapit pa."♫♪

Muli akong napapikit at nang magmulat ako ay na kay Deib Lohr na ang aking paningin, nakatingin siya kay Maxpein.

♫♪"Mahal pa rin kita, o, giliw... O, giliw..."♫♪

Nagtayuan ang lahat matapos kong tumugtog, walang kasinlakas ang kanilang palakpakan. Pumunta ako sa gitna at tumango sa lahat 'tsaka nagpasalamat sa mikropono. Hindi ko na pinatagal pa ang pananatili sa spotlight, bagaman halatang gusto pa akong makausap ng ilan sa kanila. Siniguro kong hindi kabastos-bastos ang kilos ko bago ako bumaba ng entablado.

Habang naglalakad ako papalapit kay Maxpein ay hindi ko inaalis sa kaniya ang paningin ko. Pasimple pa akong lumingon sa gawi ni Deib Lohr na makikitang nakatingin sa akin. Tuluyan ko siyang tiningnan matapos kong maupo. Pailalim siya kung tumingin, hindi iyon ganoon kasama ngunit maangas ang dating, bagay na madalang kong makita kay Deib Lohr. Bahagya akong ngumisi 'tsaka tumango sa kaniya, matapos niyon ay nilingon ko na si Maxpein. Matagal bago niya ako nilingon, matagal din na naglapat ang paningin namin sa isa't isa.

"May problema ba?" tanong ko.

"Anong problema?"

"Kayo ni Deib Lohr, may problema ba?"

Natigilan siya at saka nag-iwas ng tingin. **"Baket mo naitanong 'yan?"**

"Bakit ka pumayag na sumama sa akin? Bakit iba ang kasama niya ngayon? Bakit ang lamig ng pakikitungo niyo sa isa't isa?"

"Baket masiyado kang matanong?" angil niya.

Tumitig ako sa kaniya at saka ako ngumiwi. **"Kung ganoon ay may problema nga."**

"Tss."

Muli ko siyang tiningnan at saka ako ngumiti. **"Do you want to join me?"**

Nangunot ang noo niya. **"Saan?"**

"Let's forget everything."

Napatitig siya sa akin, para bang iniintindi ang sinabi ko. Nasa ganoon kaming sitwasyon nang mamatay ang mga ilaw at magsimula ang palabas.

Hindi ko inaasahang action-romance iyon, wala akong napanood na trailer at iyong poster lang ang pinagbasehan ko. Sa simula pa lang ay bakbakan na ang ipinakita, naantig ang interes ng lahat.

Si Kimeniah ang babaeng bida, kilala rin ang artistang kapareha niya. Sa palabas ay isa siyang sikat na modelo, at mas hinahangaan dahil bukod doon ay kilala siyang surgeon sa buong bansa. Ang bidang lalaki naman ay surgeon din na gaya niya ngunit higit na mas kilala kompara kay Kimeniah.

Pero ang pinakainteresanteng bagay sa palabas ay imortal ang bidang lalaki, isa itong bampira. Sa simula ay hindi magkasundo ang dalawang bida, hanggang sa dumating iyong oras na nahulog sila sa isa't isa. Kasabay niyon ay unti-unting nalalaman ni Kimeniah ang katauhan ng lalaking bida, pinaghihinalaan niya ang pagkatao nito. Masyado kasing malakas ang lalaki, lakas na hindi na kapani-paniwala para sa normal na tao. May minsan kasing iniligtas siya nito at aksidenteng nabangga ng kotse ang lalaki. Nakita niyang matindi ang tama nito pero parang walang nangyari sa lalaki. Pero sa kabila ng lahat ay napagtagumpayan ni Kimeniah na pigilan ang kaniyang damdamin, hinayaan niya ang sariling mahalin ang lalaki. Ngunit sa panahon ding iyon ay dumating naman ang mga kalaban ng lalaki, na tulad nito ay mga imortal din. Sa kalagitnaan ng palabas ay nalaman ng buong-sambayanan ang kalagayan ng lalaki, nalaman ng mga tao na isa itong bampira. Ipinahanap ng gobyerno ang lalaki, na agad namang nagtago, at nang mabatid ng mga ito ang relasyon kay Kimeniah ay ipinadakip ng gobyerno ang babae. Ang pinaka-climax ng istorya ay iyong eksena kung saan papunta sa isang award's night si Kimeniah. Pagbaba niya ng limousine ay biglang nagkaputukan at nagkagulo. Ang sumunod na nangyari ay dinakip na siya ng mga hindi nakikitang lalaki, at hindi kapani-paniwalang ikinulong siya sa malaki at patayong aquarium. Kung saan ay para siyang isang sirena na lumalangoy, nagmamakaawa na pakawalan siya. Syempre, dumating ang bidang lalaki para sagipin siya, pero napakarami ng makakalaban nito. Bukod kasi sa mga pulis na ipinadala ng gobyerno, ay nagkalat ang mga kauri nito na handa rin siyang dakipin at paslangin. Sa kagustuhan ng lalaking iligtas si Kimeniah ay nilabanan niya ang lahat sa abot ng kaniyang makakaya. Dahil hindi siya pumapatay ng tao ay pinatulog niya lang ang mga ito. Sa kaniyang mga kauri naganap ang tunay na laban, nagawa niyang patakasin si Kimeniah ngunit ang kapalit niyon ay ang kamatayan niya.

Nalungkot ang karamihan, lalo na ang mga babae, nang akalain naming tapos na ang palabas dahil lumabas na ang mga pangalan. Nagulat na lang uli ang lahat nang muling magpatuloy ang palabas kung saan ipinakita makalipas ang ilang taon. Ipinatawag si Kimeniah ng isa sa mga matataas na doktor at inutusang operahan ang nag-aagaw-buhay na pasyente. Bilang kilalang magaling na doktor ay agad niyang tinugunan ang order ng doktor. Ngunit ganoon na lang ang gulat niya nang makita ang kaniyang nobyo, ang bidang lalaki. Ginawa niya ang lahat upang maisalba ito at nang mangyari

iyon ay nagkumahog siyang kausapin ang lalaki para lang malaman na iba ito sa lalaking nauna niyang nakilala. Iba ang lalaking iyon sa bampirang minahal niya dahil ang isang iyon ay tao na. Doon natapos ang istorya at masasabi ko na talagang maganda.

Hindi doon natapos ang event, kaliwa't kanan pa ang batian na nangyari sa pagitan ng mga kilalang tao. Marami ang bumati kay Kimeniah, ganoon na rin sa bidang lalaki na noon lang namin napansin. Wala kasi ito sa unahan, hindi gaya namin, may kasama itong ibang babae sa kabilang hilera ng upuan na siyang kinaroroonan namin. May munti pa raw na salo-salo, imbitado kaming lahat pero hindi ko iyon kakitaan ng interes. Kaya naman nang makalabas ang lahat sa cinema ay nagpaalam na ako.

"Sigurado kang hindi ka na sasama?" tanong pa ng manager sa akin, umiling lang ako. **"It was nice meeting you, Lovemir. Sana ay magbago ang isip mo tungkol sa offer namin, open kaming parati para sa iyo."** Muli itong nakipagkamay sa akin.

"Congratulations," hinarap ko si Kimeniah. Akma siyang yayakap ng ilahad ko ang kamay ko sa kaniya, napapahiya niya iyong tinanggap.

"Thank you very much, Lovemir, nice meeting you."

"Thanks for having me." Hindi ko na pinatagal pa ang aming usapan.

"Magpapaalam na rin ako," lumapit sa 'min si Maxpein, kasabay niya ay ang paglapit ni Deib Lohr sa harapan namin. **"Marame pa kase 'kong kelangang gawin. Iiwan ko na si Naih, ihahatid naman siya panigurado ni Lee."**

"Gano'n ba? Nakakalungkot kasi akala ko ay makakasama ko kayo hanggang mamaya," nakangiti ngunit mukhang malungkot nga na ani Kimeniah. **"Salamat,"** nagyakap sila. **"Deib, mauuna na raw si Max."** Kinailangang umalis ni Kim, tinawag siya ng direktor kaya naiwan kaming tatlo.

"Ihahatid na kita sa labas," ani Deib Lohr, napatingin ang lahat sa kaniya ngunit na kay Maxpein lang ang kaniyang paningin. **"Malakas ang ulan, naka-motor ka pa naman."**

"Ayos lang, may dala akong kapote."

"Malayo ang byahe."

"Matibay naman 'yong kapote."

Napabuntong-hininga si Deib Lohr. **"Ihahatid na lang kita."**

"Hinde na, ayos lang ako," sinsero ang ngiti ni Maxpein. **"Kelangan mong samahan si Kim."**

"Babalikan ko na lang siya."

"Hinde na nga, ayos lang naman ako."

"Ako na lang ang maghahatid sa kaniya, kung nag-aalala ka," sabat ko. Kunot-noo akong tiningnan ni Deib Lohr nang hindi man lang iginagalaw ang kaniyang ulo, ang mga mata lang. **"May dala akong sasakyan, ipahahatid ko na lang ang motor niya sa bahay."** Matagal na tumitig sa akin si Deib Lohr, sa sobrang tagal niyon ay parang napakarami niya nang isinumbat gamit ang masamang tingin. **"She's my date, I'm responsible for taking her home."**

"No." Tumingin si Deib Lohr sa nobya. **"I'm taking you home."** Kinuha niya ang kamay ni Maxpein at saka ito hinila. Hindi pa man sila nakalalayo ay kumalas ang babae, gulat itong nilingon ng lalaki. **"Taguro?"**

"Ano ba? Sinabe ko nang kaya kong umuwe, 'di ba?"

"Umuulan nga."

Naaasar na tumingin sa kung saan si Taguro bago nagbalik ng tingin sa kaniya. **"Ulan ba sa tingin mo ang makapagpapatumba sa 'kin?"**

"Taguro?" Seryoso si Deib Lohr.

"Kaya kong umuwe nang mag-isa, 'wag ka nang magpumilit."

Nilingon ako ni Deib Lohr, masama ang tingin, bago muling bumaling sa nobya. **"Pero sa kaniya, magpapahatid ka?"**

"Sa tingin ko ay wala ka na ro'n, Deib."

"Taguro--"

"Ano na naman ba?" nagtaas ng boses si Maxpein, bagay na ikinagulat ko. Napailing ako, mukhang hindi ako nagkakamali. Hindi maganda ang lagay ng relasyon nila. Mukhang meron silang hindi pagkakaintindihan.

"Ang gusto ko lang ay makauwi ka nang safe, Taguro. 'Wag mong bigyan ng ibang ibig sabihin ang ginagawa ko."

"Hinde ko na uulitin 'to, kaya kong umuwe nang mag-isa. Hinde mo kelangang mag-alala."

"Taguro--"

"Deib, may usapan na tayo, 'di ba?" sumama ang tingin ni Maxpein sa nobyo. **"'Wag mo ubusin ang pasensya ko."**

Umatras si Deib Lohr, walang mababasang emosyon. **"Go ahead. I won't be controlling you anymore, have as much fun as you want. Just don't do something you wouldn't want me doing."** Iyon lang at

tinalikuran niya na ang nobya. Sinamaan niya pa ako ng tingin bago muling lumapit kay Kimeniah.

Napabuntong-hininga ako at saka palang lumapit kay Maxpein. Hindi siya tumingin sa akin. **"May problema ba kayo?"**

"Break na kame."

Natigilan ako. **"Tama ba ang narinig ko?"**

Nilingon niya ako. **"Gusto mo pa bang ulitin ko?"** inis niyang sabi.

Ngumisi ako. **"Magsisimula na ba ako sa panliligaw sa iyo?"** tanong ko, nangunot ang noo niya. **"Ako na ang maghahatid sa iyo."**

"Hinde na--"

"Hindi rin kita hahayaang umuwi nang mag-isa sa ganitong panahon, Maxpein. Kung inaalala mo ang motor mo, isasakay ko sa sasakyan ko."

Hindi niya ako sinagot, sinamaan niya lang lalo ako ng tingin. Napangisi ako at basta na lang hinablot ang kamay niya. Nakakagulat man pero nagpadala siya, hindi siya tumanggi o nanlaban.

Nakita lang namin kung gaano katindi ang lakas ng ulan nang makalabas kami ng mall. Matindi nga iyon, hindi na ako magugulat kapag nalaman kong may bagyo. Hindi halos makita ang kalsada dahil sa sobrang lakas, hindi sapat ang mga nakabukas na ilaw sa daan. Lumingon ako sa parking lot, malayo-layo sa entrance ang sasakyan ko at bago makarating do'n ay paniguradong mababasa kami.

"Lumabas ka lang, lumakas na 'yong hangin, ah? May kapangyarihan ka ba?" biro ko, sinamaan ako ng tingin ni Maxpein. **"Gusto mo munang kumain?"**tanong ko.

"Parte na ba 'yan nang panliligaw mo?" Nawala ang ngiti ko sa tanong niya. Hindi ko nagawang magsalita.

"Hindi pa. Bigyan mo ako ng permiso, sisimulan ko." Seryoso ko 'yong sinabi.

"Tss." Nauna siyang lumabas, ipinatong ang kamay niya sa ulo na animong magagawa niyong protektahan ang buong katawan niya.

Hinubad ko ang suot na coat at saka isinangga sa kaniya. Nag-angat siya ng tingin sa akin. **"Hindi pa rin parte ng panliligaw 'to, 'wag kang mag-abang."**

"Tss. Sumama na ako sa 'yo, ibig sabihin bati na tayo?"

Nagbaba ako ng tingin sa kaniya. **"Magkaaway ba tayo?"**

"Hinde mo 'ko pinapansin, 'di ba?"

"Pinapansin kita, iniiwasan lang kita. Tch."

May mga restaurant sa lower ground ng mall, doon kami dumeretso. Iyong Korean resto-bar ang pinili ni Maxpein, siya raw ang bahalang pumili ng pagkain. Nagtaka pa ako nang bukod sa dinner ay um-order siya inuming alak.

"Hindi ba magagalit si Deib Lohr, Maxpein?" seryosong tanong ko.

"Eh, di magalet siya," pilit ang ngiti niya habang nagluluto ng mga karne. **"Break na kame, ibig sabihin no'n para sa 'kin ay wala na kameng karapatan sa isa't isa. Pwede niya nang gawen ang lahat ng gusto niya, gano'n din ako."**

"Pwede ko bang malaman kung bakit?"

Tumingin siya sa 'kin. **"Hinde ba't alam mo rin kung baket?"**

Natigilan ako. **"Iyong dahil pa rin kay Eerah?"**

"Doon sa ginawa ni Eerah." Mababasa ang galit sa kaniyang mga mata. **"Siguro sa iba, hinde big deal 'yon pero sa 'kin matindeng kataksilan 'yon. Pwede ko siyang patawarin pero 'yong tiwala ko, hinde ko alam kung magiging gano'n pa rin."**

"I'm sorry for what she did," sinsero kong sabi. **"Alam kong kahit anong explanation ang ibigay ko ay hindi mo maiintindihan."**

"Hinde kasale si Eerah sa relasyon namen. Malande siya kung malande siya," tumingin siya sa mga mata ko. **"Na kay Deib na 'yon kung papatol siya o hinde."**

Napabuntong-hininga ako. **"I am also a guy, Maxpein. And there are things that you can not--"**

"Wala sa kasarian 'yon, Lovemir. Ang tukso ay dumarating sa tao pero hinde lahat ay naiiwasan ito." Seryoso siyang tumitig sa akin.

"Hindi mo ba naisip na posibleng sinadya iyong gawin ni Eerah para masira kayong dalawa?"

"Ayaw ko nang pag-usapan 'yan, kumain na tayo," aniya na nilagyan ng karne ang plato ko.

Kunot na kunot na naman ang noo niya habang pinagsisilbihan ako at ang kanyang sarili. Hindi na siya tumingin pa ulit sa akin. Natutulala siya sa kung saan habang kumakain.

"Kung hinde ko pa mahuli, hinde aamin," mayamaya ay aniya. Nag-angat ako ng tingin. **"Real boyfriends don't keep secrets from their girlfriend. You're in a relationship to grow closer together, not to hide things and ruin trust."**

"Wala ka bang inililihim sa kaniya?" Nakita kong natigilan siya sa tanong ko, matagal bago siya nag-angat ng tingin sa akin. **"Lahat ba ng bagay tungkol sa iyo ay alam niya? Kung hindi ay wala kayong pinagkaiba. May mga bagay na kapag ibinahagi mo sa ibang tao, mapapahamak kayong pareho."**

"Naiintindihan ko ang punto mo, pero hinde parte ng paglalande ang mga sinabe mo, Lovemir. Nakipaglandian siya sa ibang tao."

"Nasisiguro mo bang ginusto niya 'yon?"

"Ang sabe niya ay hinde."

"Hindi ka naniniwala?"

"Dahil ilang beses ko na siyang pinaiwas do'n. Sa huli ay nauwe pa rin sa gano'n. Pananadya na 'yon."

"Relax," pabiro kong sabi, isinenyas ko pa ang kamay ko sa kaniya.

Hindi ko naiwasan ang matawa dahil sa itsura niya ay halatang galit talaga siya. Parang anumang oras ay kaya niyang itaob ang mesang kinadudulugan namin ngayon. Kunot na kunot ang kaniyang noo at talagang mahigpit ang pagkakahawan sa kutsilyo at tinidor.

Sandaling namayapa ang katahimikan, pinapanood ko siyang kumain habang siya naman ay tutok doon at halatang malalim ang iniisip. Ang pag-aalinlangan ko sa kaniya ay biglang humupa, napalitan bigla iyon ng tuwa.

"Eerah and I got married at a very young age," nagsalita ako. Nahinto siya sa akmang paglaghok at tumingin sa akin. Ngumiti naman ako. **"She's older than me,"**nakangiwi ko pang sabi. **"Age does matter to me but she's an exception, always an exception. Nagkakilala kami sa isang organisasyon kung saan ang lahat ay may talentong umawit. Isa siya ro'n sa mga hinahangaan ng lahat, magaling kasi talaga siya."**

"Narinig ko nga," aniya at saka pinaglapat ang mga labi. **"Kung hinde lang mainit ang dugo ko sa kaniya ay baka isa na ako sa mga butihin niyang tagahanga."**

"Tch." Tumatawa akong umiling. **"Pero hindi kami pinayagan ng Chairman,"**si Chairman Rewis ang tinutukoy ko. **"Masyado raw akong bata para sa kaniya. Wala raw akong kakayahan para maisip ang mga responsibilidad bilang asawa. Sisirain ko lang daw ang buhay ng anak niya."**

"Kaya iniwan mo siya?"

"Oo." Hindi ko naiwasang malungkot.

"Ayaw rin sa 'yo no'ng kapatid niyang si Cargosin?"

Sumama ang tingin ko. **"Higit na ayaw niya kompara sa Chairman."** Hindi siya nagsalita kaya nagpatuloy ako. **"Mabait si Eerah, isa iyon sa mga katangian niya na nagustuhan ko nang sobra. Wala kasing kapantay iyong kabaitan niya. Handa siyang tumulong sa kahit na anong paraan."**

"Tss. Mabait? Baka naman sa 'yo lang siya mabait?"

"Totoong mabait siya," seryoso kong sabi. **"Nagbago lang siya no'ng maghiwalay kaming dalawa."** Natigilan uli siya. **"At nasisiguro kong may malalim na dahilan kung bakit nila ginagawa ang lahat ng ito."**

"Tungkol sa nanay niya, na hinde naman namen nakilala." Bumuntong-hininga siya. **"Baket kase hinde niya ipaliwanag muna?"** Sinabi niya iyon habang nakatingin sa iba. **"Baket kumilos agad sila ng gano'n? Nandamay pa ng iba. Mga walang utak."**

Napabuntong-hininga ako. **"Posibleng nasasabi mo lang iyan dahil hindi mo alam ang rason nila, Maxpein."**

"Pwede nilang sabihin, Lovemir. Ang kaso ay kumilos agad sila imbes na magsalita." Seryoso rin siya, nilabanan ang mga tingin ko. **"Alam kong mahalaga siya sa 'yo kaya mo nasasabe 'to. Pero 'yong mga ginawa nila sa 'min, hinde makatao."**

"I'm sorry."

Tumango-tango siya at saka muling lumaghok ng alak. Ibinalot niya sa dahon ang karne, at ngumunguyang nagsalita. **"Ikaw ang gusto kong pag-usapan, ikaw lang at wala ka nang babanggitin pang iba."**

Tumaas ang kilay ko. **"Interesado ka sa akin?"**

"Nasaan ang mga magulang mo, Lovemir?"

"They passed away when I was eight."

Kumunot ang noo niya. **"Ang bata mo pa no'n."**

"Lumaki ako sa bahay-ampunan," sagot ko na ikinagulat niya. Ngumiti ako. **"Isang mayamang babae ang umampon sa akin, mayamang-mayamang babae. Hindi siya magkaanak. Binihisan niya ako, pinakain at pinag-aral. Mabuti siyang ina."**

Napatitig siya sa akin, kung hindi ako nagkakamali ay mababasa ang awa sa kaniyang mga mata. Kaya naman matapos ngumiti ay nagbaba na ako ng tingin at nagtuloy sa pagkain.

"Anong naramdaman mo no'ng makita mo sina Deib at Eerah?" mayamaya ay tanong niya. Nag-angat ako ng tingin, nakatingin siya sa kung saan. **"Alam kong mahal mo pa siya, kaya ko tinatanong 'to. Ano**

ang naramdaman mo no'ng makita mo sila?" Tumitig ako sa kaniya. **"Nasaktan ka rin ba? Nandiri ka rin ba?"**

"Nasaktan sa paraan na hindi ako makapaniwalang gagawin niya iyon. Nasaktan ako dahil hindi ganoon ang pagkakakilala ko sa kaniya. Nasaktan ako dahil parang hindi ko na siya kilala."

"Pinag-usapan niyo ba ang tungkol do'n?"

"Sinubukan ko siyang kausapin pero umiiwas siya. Hindi niya rin sinabi sa akin na ganoon ang ginawa niya kay Deib Lohr nang gabing iyon."

Tumitig siya sa akin sa hindi malamang dahilan. Para bang inaalam niya kung totoo ang mga sinabi ko. Nilabanan ko ang mga titig niya, wala akong dahilan para magsinungaling. Totoo ang mga sinabi ko.

Nagbaba ako ng tingin at pinakiramdaman siya. **"Ang mga Enrile ang target nila, Maxpein."** Mahina ko iyong sinabi. Nang hindi siya makasagot agad ay 'tsaka ako nag-angat ng tingin. Titig na titig siya sa akin na para bang hindi inaasahang sasabihin ko iyon. Ngumiti ako. **"Ang mga ito ang sinisisi nila sa pagkamatay ng kaniyang ina."**

Umiling siya. **"Alam ko na 'yan, sa totoo lang. Hinde ko lang inaasahang sasabihin mo 'yan ngayon."** Alam kong may tama na siya dahil sa alak na ginagawa niyang inumin habang kumakain, pilit niya lang iyong nilalabanan.

"Kaya ako sumama dito dahil gusto kong magkaayos kami, gusto ko siyang bawiin. Pero hindi ko inaasahan na ganito ang mangyayari. Magulo."

Muli siyang tumitig sa akin na para bang inaalam ang pagpapakatotoo ko. **"Wala kang alam sa mga plano nila?"**

"Wala."

Matagal bago sumagot si Maxpein, halatang nag-aalinlangan siya sa mga sagot ko. Halatang hindi siya naniniwala sa akin bagaman may nakikita rin akong maliit na tyansa. Na para bang kaunti na lang ay maniniwala na siya.

"Alam mo kung bakit ayaw kong magkwento sa iyo?" nakangiti kong tanong. Tumitig siya sa akin. **"Dahil ipinararamdam mo na hindi ka naniniwala sa akin."** Natigilan siya, ngumiti naman ako.

Muling namagitan ang katahimikan sa pagitan namin. Pareho kaming nag-iwas ng tingin sa isa't isa at malalim ang iniisip.

DEIB'S POV

Nagyaya akong uminom matapos ang handaan sa premiere night. Pero tumanggi ang mga kaibigan ko sa 'kin, lalo na sina Kim at Lee. Malaking sagabal daw ang career nila sa mga gano'ng kasiyahan. At isa pa ay hindi raw 'yon makabubuti sa kalagayan ko ngayon. Gustuhin man akong samahan ni Parrot ay nahiya na rin ako, kaya matapos no'n ay umuwi na kami.

Pagkauwi ay dumeretso na ako sa kwarto at nagkulong. Hindi mawala sa isip ko ang mukha ni Taguro. Nagpapaulit-ulit din sa pandinig ko ang mga sinabi niya.

Ito ba ang gusto mong mangyari, ha, Taguro? Ang makasama siya dahil alam mong 'yon ang hindi ko kayang makita?

Nanghihina ako nang sobra, parang may gusto akong gawin na hindi ko malaman. Gusto ko siyang makasama pero kailangan kong pigilan ang sarili ko. Gusto kong makipag-ayos sa kaniya pero parang hindi magandang ideya 'yon ngayon.

Pinilit kong makatulog ng gabing iyon nang iba ang iniisip. Ayaw kong mapuno ng lungkot ang puso ko. Ayaw kong isipin si Taguro.

Mahabang oras ang lumipas nang magising ako dahil sa maingay at malakas na ringtone ng cellphone ko. Napatingin ako sa labas, bukang-liwayway palang. 'Tsaka ko iyon kinuha at napapapikit pang sinagot.

"Hello, Deib?" boses ni Parrot.

"Oh? Ang aga-aga pa, ah?"

"Kasama mo ba si Maxpein?"

Kunot-noo akong napadilat. **"Nagbibiro ka ba?"** singhal ko. **"Malamang, hindi."**

"Wala siya dito sa bahay, eh," seryoso niyang sabi.

Doon ako napabalikwas ng bangon. **"Nasaan siya?"**

"Hinde ko nga alam, eh. Nagising lang ako dahil hinahanap siya ni Maxwell sa 'kin. Hinde raw yata umuwe kagabe. Nagising lang si Maxwell kase me' naghatid dito no'ng motor ni Maxpein."

"Ano?" pasigaw kong tugon.

Dinig ko siyang bumuntong-hininga sa kabilang linya. **"Tinatawagan namen kaso ay nakapatay ang cellphone niya. Sabe ko nga dito ay maayos siyang nagpaalam sa 'ken kagabe na mauuna nang umuwe. Mas maaga pa 'kako siyang umuwe kesa sa 'ten. Eh, hinde ko naman na siya tiningnan pa sa kwarto pagkauwe ko kase ang alam ko ay tulog na siya. Alam mo namang ayaw no'n nang ginigising."**

"Namputsa!" singhal ko. **"Si Lovemir ang kasama niyang umuwi, eh!"**

"Ano?"

"Ang sabi ko ay ihahatid ko siya dahil naka-motor lang siya at malakas ang ulan kagabi. Ayaw niyang magpahatid, at sinabi ng Lovemir na 'yon na siya na raw ang maghahatid."

"Tsk. Ano ba naman 'yan si Max!"

"Sige na, sige na. Hahanapin ko siya," sabi ko at ibinaba ang linya. Umupo ako sa gilid ng kama at inihilamos ang pareho kong palad sa mukha.

Kahit walang ideya ay kumilos ako, naligo at nagbihis 'tsaka nagmaneho paalis. Tinawagan ko sina Lee at Tob, gaya ko ay nag-aalala na rin ang mga ito at nag-iisip ng paraan para mahanap si Taguro. Putok na ang araw pero wala pa ring nakakaalam kung nasaan siya. Nagsisimula na kaming mag-alala pare-pareho.

Pinuntahan ko sina Tob at Lee, gano'n na rin sina Michiko, BJ at Migz, pumunta rin ako sa The Barb, pero sinuman sa mga ito ay hindi alam kung nasaan si Taguro. Nanlulumo ako at nanghihina, iisipin ko pa lang na magkasama sila ni Lovemir ay gusto ko nang magwala.

Matapos ang isang oras ay 'tsaka ako dumeretso sa mansyon ng mga Moon para kausapin si Parrot.

"Wala pa rin?" tanong ko, sunod-sunod siyang umiling.

Nandoon ang halos lahat ng pamilya ni Taguro. Hindi man tulad ng sa akin ang pag-aalala nila ay merong makikita kahit kaunti.

"Hindi normal sa kaniya ang hindi umuwi," ani Maze. **"Wala ba kayong kilalang iba pa niyang kaibigan?"**

"Si Lovemir ang kasama niya kagabi," sabat ko.

"Sino naman ang Lovemir na iyan?"

"Kaklase po namin," sagot ni Parrot. **"Teka, tatawagan ko si Migz, baka alam niya ang number ni Lovemir."** Ginawa nga iyon ni Parrot. Ang lahat ay nakatutok sa kaniya habang may kausap sa telepono. Mayamaya lang ay tinatawagan niya na si Lovemir. **"Hinde sinasagot, eh."**

"Anak ng..." Inis kong isinabunot sa ulo ang mga kamay ko. Nauubos ang pasensya ko.

"Kumalma ka, hijo. Hindi pababayaan ni Maxpein ang kaniyang sarili," ani Chairman Moon.

Hindi ko alam kung bakit bigla akong naging emosyonal. Bigla ay para akong nasaktan. Wala akong makapang dahilan dahil nagkusa 'yon sa kalooban ko. Gano'n na rin naman ang kutob ko, na magkasama sila, pero dahil hindi nila sinasagot ang tawag nino man sa amin ay talagang naiinis ako.

"Pupuntahan ko ang Lovemir na 'yan," sabi ko at saka tumayo.

"Alam mo ba kung saan siya nakatira?" tanong ni Mokz. Hindi ako nakasagot, napabuntong-hininga ako at saka nanlulumong nagbaba ng tingin.

"Ah, tama!" si Parrot. **"Nabanggit sa 'kin ni Max na doon din siya nakatira sa village nina Randall!"**

Nabuhayan ako. **"Sige, babalitaan ko kayo,"** sabi ko at saka nagmadaling umalis. *Hayop ka, Lovemir, hayop ka!*

Habang nagmamaneho ay tinawagan ko na si Noona, hindi sinasagot ni Randall ang telepono niya dahil naka-duty ito. Dumeretso ako sa The Venice at kahit maaga ay sinamahan ako ni Noona sa office ng village para alamin ang address ni Lovemir. Naging matanong si Noona pero wala akong sinabi sa kaniya. Nang makuha ko ang address ay ako na lang ang mag-isang pumunta.

"Ano ho ang kailangan nila?" agad na bumungad sa 'kin ang guard nang makita ako nitong lumapit sa gate.

"Ito ba ang bahay ni Lovemir Limaco?"

"Ito nga ho."

"Nasaan siya?"

"Natutulog pa ho. Sino ho sila?"

Napatitig ako sa kaniya at saka ako humugot nang malalim na hininga. **"May kasama ba siya sa loob?"**

"Pwede ho bang malaman kung sino kayo?"

"Ako si Deib Lohr Enrile, hinahanap ko ang girlfriend ko. At si Lovemir ang huli niyang nakasama."

Natigilan ang may edad nang guard. **"May kasama ho siyang babae sa loob pero hindi ko alam ang pangalan niya."**

Nanghina ang tuhod ko. Ayaw tanggapin ng dibdib ko ang isiping posible na si Taguro 'yon. Ang isip ko ay paulit-ulit na nagmamakaawang sana ay nagkakamali ako. Wala akong maisip na posibleng dahilan para sumama siya ritong magpalipas ng gabi. Hindi 'yon ugali ni Taguro, malayo 'yon sa ugali ng taong mahal ko.

"Pwede bang ipaalam ko muna ito sa amo ko, Sir?"

"Sige, salamat," sabi ko at pinanood itong pumasok sa loob.

Pero hindi ko sinunod ang sinabi niya. Binuksan ko ang gate 'tsaka ako dumeretso papasok. Agad din akong nakita ng guard pero hindi niya ako nagawang pigilan na pumasok sa loob.

Hindi nalalayo ang istilo ng bahay na iyon sa bahay nina Noona kaya naman hindi naging mahirap sa 'kin na hanapin ang mga kwarto. Maglalakad na sana ako papasok sa hallway, kung nasaan ang mga kwarto, nang matigilan ako. Naagaw ng isang picture frame ang atensyon ko. Nakalapag iyon sa isang estante sa bukana ng hallway, at pinaggigitnaan ng dalawang plake. Napatitig ako sa lalaking iyon na nasa larawan, matagal bago ko napagtantong si Lovemir 'yon. Malayo ang itsura niya roon kompara sa ngayon, pero ang edad ay mukhang hindi nalalayo. Medyo may kahabaan ang buhok niya, hindi rin siya ganoon kaputi roon at tuyot tingnan dahil sa sobrang payat. May kung anong pumasok sa isip ko, pakiramdam ko ay nakita ko na siya noon at hindi ko matandaan kung kailan at paano. Hindi ko rin masiguro kung tama ba ang alaala ko.

Ngunit natinag ako nang muli akong pigilan ng guard, wala akong nagawa kundi ipako ang paningin sa daan. Nagdere-deretso ako kahit pa pilit akong pinahihinto ng guard. Nagpapasalamat ako na kahit ganito ang ginawa ko ay hindi siya nawawalan ng galang sa akin.

Hindi na ako nag-abala pang kumatok nang pasukin ko ang pinto sa dulo.

At halos bumaon ako sa kinatatayuan ko nang tumambad sa akin ang mukha ni Taguro. Mahimbing siyang natutulog sa malaking kama at walang mababasa kundi kapayapaan sa kaniyang mukha. Nasapo ko ang sariling noo, nang sandali ring iyon ay animong dinurog ang puso ko sa nakikita ko. Pero nasisiguro kong hindi ako aalis sa lugar na 'to nang hindi siya kasama.

Agad ding kumilos ang mga mata ko at nagtama ang paningin namin ni Lovemir. Na prenteng-prente sa pagkakaupo sa tabi ni Taguro. Walang pang-itaas na damit at nakasuot lang ng puti na cotton pants, at nagbabasa ng libro. Kumuyom ang mga palad ko nang wala man lang akong mabasang reaksyon sa mukha niya. Basta lang siya nakatingin sa akin at para bang nasusuya na siya.

Sinamaan ko siya ng tingin. **"Hayop ka,"** mahina ngunit mariin kong sabi.

"Sshh, she's sleeping." Bumuntong-hininga siya at tumayo, inilapag ang libro at nagsuot ng polo. **"This is tresspassing, Deib Lohr."**

"Fuck you and your privacy, Lovemir."

Natigilan siya at nakangising nilingon ako. Naglakad siya papalapit sa akin at bago niya pa magawang magsalita ay sinapak ko na siya. Napabaling sa kanan ang mukha niya dahil sa sobrang lakas niyon, bagaman hindi siya natinag sa kinatatayuan. Nadinig ko ang matunog niyang pagngiti, dinalaan niya ang labi 'tsaka tumingin sa akin.

"Anong ginawa mo kay Taguro?" mariin kong tanong.

"Hindi ako katulad mo." Ngumisi siya.

"Gago ka--"

"Pero mas gago ka."

"Gago!" singhal ko 'tsaka akmang sasapakin siya uli pero nagawa niyang pigilan ang kamao ko nang hindi pa rin natitinag sa kinatatayuan. Bumilis ang paghinga ko, gustong-gusto ko siyang saktan ngayon.

"Ano ba ang ipinuputok niyang butsi mo?"

"Alam mong girlfriend ko si Taguro!"

"Break na kayo." Natatawa niya 'yong sinabi.

"Alam mong may problema kami, kaya sinasamantala mo?"

Ngumisi siya nang todo. **"Umaasa ka pa bang magkakaayos kayo?"**

Muli ko siyang sinapak, at dahil hindi niya inaasahan 'yon ay tinamaan ko siya. Gumanti siya ng sapak at gano'n din ako. Ilang beses naming sinapak ang isa't isa bago kami parehong nahinto. Tumitig nang masama sa isa't isa habang parehong naghahabol ng hininga.

Dinaklot niya ang kwelyo ko 'tsaka ako itinayo. **"Ginago mo si Maxpein at ngayong ayos na siya ay ipagpipilitan mo ang sarili mo? Sino sa atin ngayon ang gago?"** Inuga-uga niya ako habang sinasabi 'yon. **"Hindi ko itatanggi na gusto ko si Maxpein, Deib Lohr. Gustong-gusto ko siya. At handa akong magpagamit sa kaniya hanggang sa mawala ang sakit na iniwan mo."** Muli niya akong sinapak at napaatras ako sa sobrang lakas niyon.

Napayuko ako, mabilis na nangilid ang luha sa mga mata ko. Agad ko ring pinigilan 'yon. **"Nakikiusap ako sa 'yo, tigilan mo 'to, Lovemir. 'Wag si Taguro."**

"Paano kung iyan din ang ipakiusap ko?" tugon niya, matagal bago ko 'yon nakuha. **"Paano kung hilingin ko rin sa iyo na tigilan ito--dahil hindi ko siya dadalhin dito kung hindi niya rin ginusto?"**

Natigilan ako. Pilit kong pinigilan ang mga luha sa pagtulo. **"Please, pare, usapang lalaki. Nakikiusap ako, 'wag si Taguro."**

"Pigilan mo na ako sa lahat, 'wag lang sa taong gusto ko."

"Lovemir," deretso ko siyang tiningnan sa mga mata nang may pagmamakaawa.

Nagmatigas siya. **"Ayaw kong gawin ito, pero nakiusap siya. Ayaw niyang iwan ko siya. Ang sabi ko ay ihahatid ko siya pero nagmatigas siya. Hindi ko pwedeng iwan ang babaeng lasing na lasing sa kalsada. Kung ikaw ang nasa sitwasyon ko ay hindi mo rin matitiis na makita siyang lasing at umiiyak nang mag-isa. Sa loob ko ay hinihiling ko na sana ay ako na lang ang dahilan nang ikinagaganito niya."**

"Ako ang dahilan kung bakit siya nagkakaganiyan, 'di ba? Kaya 'wag kang humarang. Hayaan mo akong ayusin ang gusot namin. 'Wag mo 'kong pigilan."Gusto ko mang isigaw iyon sa mukha niya ay kailangan kong makiusap.

Matagal siyang tumitig sa 'kin, mababasa ang panghihinayang sa mga mata niya. Humugot siya nang malalim na hininga, matagal bago niya iyon pinakawalan. Tumingin siya sa kung saan bago tumitig sa mga mata ko nang kunot na kunot ang noo. Hindi pa rin siya nagsalita at sa halip ay nilingon ang nahihimbing pa rin na si Taguro.

"Mataas ang lagnat niya," sinabi ni Lovemir 'yon nang na kay Taguro ang paningin. **"Buong gabi ko siyang binantayan. Masama na pala ang pakiramdam niya bago pa man pumunta sa premiere night, nagpumilit pa ring pumunta."**

Sunod-sunod akong napailing dahil sa mga narinig ko. Nasapo ko uli ang noo ko sa sobrang panlulumo.

"Ang sabi ko ay dadalhin ko siya ospital pero ayaw niya. Sinubukan ko rin siyang asikasuhin pero kahit may tama ng alak ay nagawa niya 'kong pigilan."Doon lang uli siya tumingin sa 'kin. **"Wala akong ginawa sa kaniya, sinasabi ko lang para maliwanagan ka."**

"Salamat," sinabi ko 'yon sa pinakasinserong paraan na makakaya ko. **"Salamat, Lovemir."**

"Pero hindi ko hahayaang iuwi mo siya, ako na ang maghahatid sa kaniya."

Kumuyom ang mga palad ko. **"Kaya ko siyang iuwi sa bahay nila. Hindi ka kilala ng pamilya niya."**

"Hindi mahirap para sa akin ang magpakilala, Deib Lohr."

"Hindi mo gugustuhing makaharap sila. Nakikiusap ako sa 'yo, tigilan mo na ang pagpupumilit, ako na ang maghahatid kay

Maxpein."

Bumuntong-hininga siya at pinagkrus ang mga braso. **"Okay, ikaw ang bahala."**

Nakahinga ako nang maluwang, napapikit pa na parang nabunutan ng tinik sa ako lalamunan. **"Salamat."**

Tiningnan niya ako nang matagal bago ako tinalikuran. Nagulat ako nang lapitan niya si Maxpein, yumuko sa harap nito at gamit ng likod ng palad ay hinawi niya ang ilang hibla ng buhok na nakatabing sa mga mata ni Taguro. At lalo akong nagulat nang halikan niya ang noo ni Taguro!

Nagmadali akong lumapit at hinila siya sa balikat. **"What are you doing?!"**hindi ko napigilang magtaas ng boses.

Tumayo siya at tumingin nang deretso sa 'kin. **"You can take her home now."**

Muling kumuyom ang mga palad ko, mahigpit ang pagkakatiim ng mga bagang ko. Gusto kong paliparing muli ang mga kamao ko sa mukha niya, sunud-sunod at walang hinto. Pero pinigilan ko ang sarili ko, at sa halip ay humakbang ako papalapit at dinuro siya.

"Sa susunod na gawin mo 'yon, paduduguin ko 'yang nguso mo," banta ko.

Hindi ko na siya hinayaang sumagot pa, agad akong lumapit kay Taguro at pinunasan ang parte ng noo niyang hinalikan ni Lovemir. Sandali kong tinitigan ang mukha niya, emosyonal akong nagtanong sa isip kung bakit niya ginawa 'to. Dahil malayo ito sa mga naiisip ko. Hindi ko kailanman naisip na makikita ko siya, kami, sa ganitong sitwasyon.

Maingat kong binuhat si Taguro, hindi siya nagigising. Hindi pa man nagtatagal ang pagkakadikit ng mga balat namin ay para na akong mapapaso sa sobra niyang init. Napansin ko pa ang medicine kit, pitsel ng tubig at isang baso sa side table bago ko muling hinarap si Lovemir.

"Marami siyang nainom kagabi, marahil ay pagod din siya kaya hindi agad magising," aniya. **"Ingatan mo siya--"**

"Alam ko kung ano ang gagawin ko."

"Okay," iminuwestra niya ang daan papalabas. Sinamaan ko naman siya ng tingin bago ko siya nilampasan.

Nararamdaman ko ang bigat ni Taguro, pero kinaya ko siyang buhatin papalabas ng kwarto hanggang sa makababa ng hagdan. Nakasunod sa amin si Lovemir pero hindi ko na siya nilingon pa.

Natinag na lang ako nang pagbuksan ako ng gate ni Lovemir, at hindi ko inaasahang pagbubuksan niya rin ako ng pinto ng kotse. Mararamdamang nakaantabay siya sa mga kilos ko, halatang inaalala si Taguro. Gusto kong matawa, gusto ko siyang sapakin. Inagaw ko ang pinto sa kaniya at ako ang nagsara niyon.

'Tsaka ko siya inis na hinarap. **"'Wag ka ngang umasta na para bang may relasyon ka na sa kaniya?"** hindi ko na napigilan ang sarili ko.

"What are you saying?"

"Iyan!" itinuro ko ang kabuuan niya. **"Kung umasta ka ay para bang kailangan mong bantayan ang mga kilos ko at siguruhing ayos siya! Ako ang dapat na gumagawa niyan, Lovemir, hindi ikaw."**

Ngumisi siya. **"Praning ka lang."**

"Ano?" umasta akong susugod, hindi man lang siya natinag. **"Ako na ang bahala sa kaniya at alam ko kung ano ang gagawin ko. Hindi mo na kailangang magbantay pa."**

Ngumisi lang siya ulit at saka tumingin sa 'kin. Sinamaan ko siya ng tingin at saka ako naglakad papunta sa driver's seat. Muli ko siyang tiningnan nang masama bago ako tuluyang sumakay. Nahampas ko ang manibela sa sobrang inis, napayuko ako at doon pinakalma ang sarili ko.

Kinatok ako ni Lovemir mayamaya lang, pinakyuhan ko siya 'tsaka ko binuksan ang makina. Mabigat ang loob ko nang lisanin namin ang lugar na 'yon. Paulit-ulit kong tiningnan ang mukha ni Taguro, na mahimbing pa ring natutulog, habang nagmamaneho. Hanggang ngayon ay naghahanap ako ng sagot kung bakit siya pumayag na mangyari 'to. Hindi ako nag-iisip nang masama, may tiwala ako sa kaniya, pero 'yong katotohanang posible pala siyang sumama sa ibang lalaki at matulog katabi ito ay hindi ko matanggap.

Lalo akong naging emosyonal nang maalaala ko ang sandaling iyon sa ospital. Nang magliwanag sa isip ko ang mga sinabi niya sa 'kin bago ako pumunta ng America. Ang mga sinabi niya ang pinanghawakan ko, para magkaro'n ako ng lakas ng loob na harapin ang kalagayan ko.

Mabilis na nangilid ang mga luha ko, at dahil hindi ko kinaya ay kinailangan kong ihinto ang pagmamaneho. Pigil na pigil ang luha ko, ayaw kong gumawa ng anumang ingay habang nakalapat sa kaniya ang paningin ko.

"The doctor told me that our heart is the strongest muscle," nakangiti ko siyang kinausap nang tulog. **"But why does it break so easily?"** mabagal ko 'yong sinabi. Lalo tuloy akong naging emosyonal.

Tumitig ako sa mukha niya. Pakiramdam ko ay ngayon ko lang siya nakasama nang hindi nagigising sa kabila ng mga ginawa ko.

"Hindi ako naoperahan, Taguro," emosyonal kong sabi, doon nagsunod-sunod ang pagpatak ng mga luha ko. **"Nagsinungaling ako sa 'yo."** Maingat akong suminghot 'tsaka ko pinahiran ang mga mata ko. **"Hindi nakahanap ng donor sina mommy at daddy, at para wala nang magtangka sa buhay ko ay pinili naming itago 'to."** Mabagal ang pananalita ko, pinipigilan kong gumaralgal ang tinig ko.**"Gustong-gustong kong magsumbong sa 'yo, Taguro. Pero hindi ko na alam kung pakikinggan mo pa 'ko. Natatakot ako."**

Napayuko ako sa mga palad ko at doon nagtuloy sa pag-iyak. Muli kong naalala ang sandaling iyon sa America kung saan sinabi sa amin ng doktor na walang donor. Ginawa nila ang lahat ng paraan. Nagmakaawa ang mga magulang ko sa pamilya ng mga namatay na pasyente para bilhin ang puso ng mga ito. Pero maski isa sa mga iyon ay walang pumayag.

Hindi totoo ang mga sinabi ko kay Taguro, at hanggang ngayon ay sa ganitong sitwasyon ko lang kayang sabihin sa kaniya.

Tumahan ako. **"May pag-asa pa 'ko,"** tumingin uli ako sa kaniya, mahimbing pa rin ang kaniyang pagtulog. **"Ang sabi ng doktor ay tatawagan nila kami kapag may nakuha na silang donor. At sa panahon na 'yon, kailangang malakas ako, Taguro. At alam kong alam mo na ikaw ang makapagpapalakas sa 'kin."** Tumitig ako sa kaniya. Muling nangilid ang mga luha ko, kumurap ako para pigilan ang pagtulo ng luha. **"Pwede mo ba uli akong paniwalain sa mga salita mo? Kahit kunyari lang, pwede mo bang sabihin na magpagaling ako?"**

Nangunot ang noo ko, mas bumilis pa ang pangingilid ng mga luha ko 'tsaka ako nag-iwas ng tingin. Pakiramdam ko ay may kung anong nakabara sa lalamunan ko.

"Nang oras na kantahan mo ako, iyon mismo 'yong araw na nalaman ko na hindi ako maooperahan." Muli ko siyang nilingon. **"Pero matapos kitang kantahan, nawala 'yong takot at pag-aalala ko. Kasi ramdam na ramdam ko no'n kung gaano natin kamahal ang isa't isa, Taguro."**

Matagal kaming nanatiling gano'n, nagkukwento ako habang siya ay natutulog. Pero sa dami nang sinabi ko, hindi naibsan ang bigat sa dibdib ko. Nasasaktan pa rin ako at wala akong magawa para pigilan 'yon.

OceanofPDF.com

CHAPTER 211

MAX'S POV

Dahan-dahan kong iminulat ang aking mga mata, agad na nangunot ang noo ko nang maramdaman ko ang sakit sa ulo. Nahawakan ko ang ulo ko at sandali uling napapikit. Pakiramdam ko binibiyak ang kaliwang bahagi niyon, nahihilo rin ako.

"Uminom ka ng gamot." Napakislot ako nang mangibabaw ang tinig ni Chairman. Nagugulat akong napalingon dito, ganoon na lang kaganda ang ngiti niya sa 'kin. **"Naparami siguro ang inom mo?"**

Wala sa sarili akong napatango. **"Hwejang-nim."** Gusto kong mahiya bigla, hindi ko inaasahang nandito siya. *ana kaya siya katagal dito? Binabantayan niya ba 'ko? At saka...baket nasa bahay ako?*

Gusto ko siyang tanungin pero nahihiya ako, hindi ako sigurado kung masasabi ko ba sa kaniya kung saan ako nanggaling.

Muli kong inalala ang mga nangyari kagabi, ang mahaba naming usapan ni Lovemir. May mga nakuha akong impormasyon, kailangan ko 'yon. Pero hindi mawala sa isip ko kung paano siyang nagpakatotoo sa 'kin, na hanggang ngayon ay hindi ko magawang paniwalaan. Lalo na nang sabihin niyang gusto niya ako, hindi ako makapaniwala ro'n. Masyadong mabilis.

Wala akong makitang maganda sa itsura ko para magustuhan mo. Mas may tiwala ako sa sarili ko kesa sa 'yo, Lovemir, pasensya na.

Malakas ang pakiramdam ko na alam niya ang pakay ko at sinasakyan niya lang ito. Alam din niyang alam ko na ganoon ang iniisip niya, baka nga kaya inilalatag niya na sa akin ang mga sagot ay dahil nararamdaman niya. Sa madaling salita ay pareho naming niloloko ang sarili namin.

"Drink this, Maxpein." Natinag ako nang iabot sa 'kin ni Chairman ang dalawang piraso ng kapsula at isang baso ng tubig. Naramdaman ko pa sa akin ang paningin niya habang iniinom ang mga iyon.

"Salamat, Chairman." Inilapag ko ang baso, hindi ko magawang tumingin sa mga mata niya. Pero sa gilid ng paningin ko ay nasisiguro kong ganoon pa rin kaganda ang ngiti niya sa 'kin. Hindi ko tuloy maiwasang magtaka.

"Inihatid ka rito ng nobyo mo, magdamag din siyang nagbantay sa iyo."

Gulat akong napatingin sa Chairman. **"Ho?"**

Kinabahan ako bigla. *Paano nangyare 'yon? Pinuntahan niya ba ako sa bahay ni Lovemir? Nakita niya kame?* Bigla akong nag-alala dahil baka kung ano ang inisip niya. *Wala kameng ginawang masama, kelangan ko lang talaga ang tiwala niya.*

Tumango ang Chairman. 'Tsaka nakangiting tumitig uli sa akin. **"May problema ba kayo, Maxpein?"**

"Wala naman," kaswal kong sagot. **"Baket nandito kayo?"**

"Binantayan kita."

Nangunot ang noo ko. **"Baket ho?"**

"Masama ba iyon?" Natawa siya.

"Hinde naman, ngayon niyo lang yata kase ginawa 'to." Napabuntong-hininga ako 'tsaka ako napatingin sa kamay ko. Nag-angat pa ako ng tingin nang makitang nakaswero ako.

"Mataas ang lagnat mo kagabi, sobrang taas. Si Maxwell ang naglagay sa iyo niyan, ang nobyo mo naman ang nagbantay sa iyo dahil may pasok ang kuya mo."

Hindi ako nakasagot. Panay lang ang pagbuntong-hininga ko at pag-iisip.

"Kumusta ang pakiramdam mo?" tanong uli ng Chairman.

"Ayos naman na ho, masaket lang sa ulo."

"Ganoon ba karami ang iyong nainom?"

"Medyo naparame nga ho."

"May problema ba?"

Napalingon ako sa kaniya bago nag-iwas uli ng tingin. **"Ayos lang naman ho ako, napainom lang at...naparame nga. Pero wala 'to. Nagkayayaan lang kame no'ng kaklase ko."**

"Kung may problema kayo ng nobyo mo, maanong magkaayos din sana kayo." Nakangiti niyang sinabi 'yon bagaman hindi ako nakatingin. **"Totoong gusto namin siya para sa iyo."**

May kung anong umalon sa loob ng dibdib ko. Hindi ko malaman kung tuwa, kilig o kung ano ba iyon. Basta meron.

"At masaya ako na makita na masaya ka rin sa kaniya. Hindi ako magdadalawang-isip na ipagpaubaya ka sa lalaking iyon, tutal, alam ko naman na responsableng bata ka, Maxpein."

Tumingin ako sa kaniya, nemeke ako ng ngiti. **"Hinde nga ako sigurado kung matatanggap niya ang mundo na meron ako. Natatakot ako sa t'wing makikita niya akong nananakit ng tao. Pakiramdam ko pate siya ay matatakot sa 'kin."**

"Hindi ka masamang tao, Maxpein. Ginagawa mo lang ang nararapat para sa pamilyang ito. Iyon ang trabaho mo. Iyon ang nasa pangalan mo."

Hindi ako nakasagot. Nadinig ko ang pagbuntong-hininga ng Chairman, nakangiti na siya nang maganda nang lingunin ko.

"Pasensya ka na, Maxpein," aniya. Kunot-noo akong tumitig sa kaniya. **"Nasanay kami nang ganito ka, malakas, matalino, mabilis,"** humalakhak pa siya pero halatang peke. **"Nakalimutan naming may oras din na nanghihina ka, nagkakasakit, nahihirapan, nalulungkot, nasasaktan..."**

"Chairman," kaswal kong sabi 'tsaka tumitig sa kaniya. **"Ayos lang ako."**

Ngumiti siya. **"Nakalimutan namin ang obligasyon bilang magulang sa iyo. At sa halip ay hinayaan ka naming kumilos para sa kapakanan nating lahat. Nagkamali kami, Maxpein."** Pinigilan niya ako nang akma akong magsasalita. **"At sana ay hindi pa huli ang lahat para gampanan namin iyon."**

"Sinisiguro ko sa inyong hinde ako uminom nang dahil sa mga 'yan, Chairman."

Matunog siyang ngumiti. **"Pwede mo bang gawin ang ipakikiusap ko, Maxpein?"**

Matagal bago ako nakasagot. **"Ano 'yon, Chairman?"**

"Pagpahingahin mo muna ang sarili mo sa lahat ng bagay, Maxpein." Nakangiti niya 'yong sinabi, natigilan ako. **"Tao ka rin. At alam kong napapagod ka. Ituon mo muna ang buo mong atensyon sa bagay na alam nating pare-pareho na gusto mong makamit. Huwag mo na munang isipin ang mga bagay-bagay na nakagugulo sa atin."**

"Wala na ang mga Rewis, Chairman, wala nang dahilan para magulo ako."

"Ngunit bakit pakiramdam ko ay mayroon ka pa ring inaasikaso?"

Napabuntong-hininga ako. **"Gagawin ko ang sinabe niyo."**

Sandaling katahimikan ang nangibabaw sa pagitan namin. Hindi ako tumingin sa Chairman bagaman nararamdaman ko pa rin sa akin ang

kaniyang tingin. Hindi ko alam kung ano ang nasa isip niya, ayaw ko siyang mag-isip nang sobra.

"Kaya mo na bang kumilos?" tanong niya.

"Oh," tumango ako.

"Kung ganoon ay lumabas tayo?" patanong niyang tugon, nagtaka agad ako. **"Sa labas tayo mananghalian kasama ang mga kapatid mo."**

Hindi ako nakasagot agad, matagal akong napatitig sa kaniya. **"Yes, Chairman."** Tumango uli ako.

Nadinig ko pa siyang bumuntong-hininga bago tumayo. Ngumiti pa uli sa akin bago lumabas sa kwarto ko. Matagal akong napatitig sa pinto, talagang nakakagulat 'yon para sa 'kin dahil ngayon lang ako niyayang lumabas ng Chairman. Masyado siyang abala sa trabaho at pagtulong sa mga tao para paglaanan ako ng ilang segundo, at nasanay ako nang ganoon.

Humupa ang sakit ng ulo ko mayamaya lang, kumilos agad ako at naligo. Hindi pa rin nawawala sa isip ko ang mga sinabi ng Chairman pero nang makababa ako at makaharap ang mga kapatid ko ay ngumiti na lang ako at hindi na nag-isip pa.

Si Maxwell ang nagmaneho, katabi niya ako sa harapan. Sina Chairman at Maxrill naman ang nasa likuran. Tahimik kami sa unahan, maingay si Maxrill sa likuran. Araw-araw siyang ignorante sa maraming bagay, hindi na mawawala sa kaniya 'yon.

"Where are we going?" tanong ni Maxwell.

"Just drive," natatawang sabi ng Chairman.

"Tsh. Is this a date?"

"No, this is hanging out." Pareho silang natawa. **"Sabihin na lang natin na ito ang una kong regalo sa nalalapit na pagtatapos ninyo ni Maxpein,"** mayamaya ay dagdag ng Chairman.

Nagkatinginan kami ni Maxwell, sabay ring napangiwi pero hindi sumagot.

"Ano ang gusto ninyong regalo sa graduation ninyo?" tanong ng Chairman pero walang sumagot. **"Why aren't you answering me, Maxwell?"**

"I have everything, Chairman. I got money, body, brain, looks..," mayabang na sabi ni Maxwell. Nakangising sinulyapan ang Chairman sa rear mirror 'tsaka humalakhak.

"Girls!" sabat ni Maxrill. **"You don't have girls, Hyung!"**

"I hate girls," seryosong sabi ni Maxwell.

"You're gay, Hyung?"

"No."

"Yes, you are!"

"Shut up!"

Nginusuhan ito ni Maxrill 'tsaka nilingon ang Chairman. **"If they don't want to receive a gift from you, I do."** Tumango-tango pa siya, seryosong-seryoso. **"I want to have a Tamagotchi."**

"You're too old for that, Maxrill Won."

"No!" ngumuso siya.

Humarap ako sa likuran, na kay Maxrill ang paningin. **"Ang kelangan mo ay crossbow, at 'yon ang kelangan mong matutunan. Kapag hinde mo napag-aralan, ikaw ang gagawin naming practice-an."**

"No!" inis niyang sagot.

"I think that's a good idea," nang-aasar na sabi ni Maxwell.

"No!" galit nang tugon ni Maxrill. Natawa ang lahat sa kaniya.

Nagdabog si Maxrill, pinagkrus ang mga braso at padabog na sumandal. Mayamaya lang ay ganoon na naman siya, ignorante sa mga nakikita sa kalsada. Nagsasalitang mag-isa, walang kausap, tapos tatawa.

"Treponema Pallidum!" mayamaya ay bigla na namang nangibabaw ang tinig ni Maxrill, walang pumansin sa kaniya. **"Noona! Noona! Noona! Noona! Noona! Noona! Noona! Noona! Noona! Noona!"** paulit-ulit niyang tawag hanggang sa lingunin ko siya. **"Treponema Pallidum-ara?"** nakangisi nitong tanong, inaalam kung alam ko ba ang salitang iyon.

"Ani," pagtanggi ko.

"Arasseo!" mayabang niyang sabi, ipinagmamalaking alam niya ang salitang iyon. Nag-iwas lang ako ng tingin.

"Stop messing with my stuff, Maxrill," seryosong sabi ni Maxwell. Ngayon ay mukhang alam ko na kung saan nakuha ni Maxrill ang salitang iyon, sa notes marahil ni Maxwell. Nakanguso na ang bunso nang lingunin ko.

Bumaling naman ito sa Chairman. **"Where are we going?"**

"Where do you want to go?" maganda pa rin ang ngiti ng Chairman.

Nakangusong nag-isip si Maxrill, sumisinghot-singhot habang bumubuntong-hininga. **"I want to see animals, big or small. I want to see them moving."**

"Okay, we will do that."

"I want to see birds fly, kangaroos jumping, fish swimming, and horse running...I want to see them."

"Yes, we'll do that." Tumango ang Chairman.

"I want to see..." Nakangang nag-isip si Maxrill. **"Noona, give me an animal."**

"Cow."

"Oh, I want to see cows moo-ing..."

"Moo-ing?"

"Moo!" Inilagay niya ang dalawang kamay, nakataas ang hintuturo, sa magkabilang sentido 'tsaka umastang sinusuwag ako. **"Moo! Moo!"**

"Tss." Napailing na lang ako.

Sa Manila Zoo kami pumunta, marami nga namang hayop doon. Pare-pareho naming first time 'yon kaya pare-pareho rin kaming kung saan-saan lumilingon. Kumuha ng tour guide ang Chairman, isa sa mga bantay sa lugar na iyon. Sinasabi nito sa amin kung ano-ano ang kahalagahan sa kalikasan at sa tao ng mga hayop. Maging ang kahinaan at kalakasan ng mga ito ay sinasabi sa amin ng tour guide.

Syempre, hindi ako masyadong nag-enjoy. Hindi ko magawang lapitan nang todo ang mga iyon dahil masyado silang malaki, hindi normal sa paningin ko. Ang ikinatuwa ko lang na makita ay iyong mga giraffe at elepante, sa malayuan nga lang.

Palibhasa'y isip-bata, nagyaya nang nagyaya sa kung saan-saan si Maxrill. Gusto niyang pakainin ang lahat ng hayop na madaanan namin. Ang bawat isa ay kinakausap niya. Si Maxwell naman ay halatang nalilibang sa pakikinig sa mga sinasabi ng tour guide. May nalalaman kasi siyang hindi marahil nababanggit sa mga pinag-aaralan niya. Interesado siya parating matuto.

Nilingon ko naman si Chairman, naglalakad siya sa likuran namin. Nakangiti kaming pinapanood na para bang noon niya lang kami nakitang gano'n.

Binagalan ko ang paglalakad at saka ako sumabay sa kaniya.

"Kumusta ang mga sugat mo?" tanong niya nang hindi man lang ako nililingon.

Napabuntong-hininga ako 'tsaka namulsa. **"Ayos naman na, Chairman, papagaling na."**

Tumango-tango siya, seryoso. **"Mabuti at natagalan mo ang mga iyan?"**

"Hinde naman malala, malayo sa importanteng parte ang mga tinamaan."

Natawa siya. **"Tama, dederetso ka panigurado sa ospital kung malala ang tama mo."**

Sandaling nangibabaw ang katahimikan. Magkasabay kaming naglalakad nang mabagal ng Chairman. Pinapanood niya pa rin si Maxrill na panay ang pagmamadali sa paglapit sa mga hayop, at si Maxwell na hindi magkanda-ugaga sa kasusunod dito.

Natawa na naman ang Chairman. **"Kahit kailan ay ignorante ang batang iyan."** Si Maxrill ang tinutukoy niya. **"Mahigpit masyado si Maze sa kaniya kaya nang makalabas, akala mo noon lang ipinanganak."**

Napailing ako nang makita si Maxrill na para bang litong-lito, hindi malaman kung alin sa mga hayop ang una niyang lalapitan at pakakainin. Lalapit sa tigre, pero nasa elepante ang paningin. Babalik sa elepante tapos kakausapin ang tigre.

Abnormal...

"Pareho kayo ni Maxrill na hindi nabigyan ng pagkakataon na makapunta sa ganito." Muling nagsalita ang Chairman. **"Kung hindi ako nagkakamali ay si Maxwell lang nakapunta sa animal park, sa ibang bansa naman iyon. Masyadong naging abala ang inyong mga magulang sa mga ipinag-uutos ko, nawala sa isip naming pare-pareho na may mga tulad ninyo kaming anak na kailangang pagtuunan din ng pansin. At sa halip na gawin ang mga obligasyon namin, binigyan namin kayo ng mabibigat na responsibilidad sa mura ninyong edad. Pasensya na."**

Napaismid ako sa mga narinig ko 'tsaka ako napabuntong-hininga. Huminto ako sa paglalakad, dahilan para mahinto rin ang Chairman. Nakangiti pa rin siya, nang maganda, nang lingunin ako. Nakakunot naman ang aking noo.

"Hinde ko kelangan ng zoo, park, o kahit na anong lugar para mapangalanan kung anong klase kayong magulang. Kahit anong tinde nang inabot ko, kahit anong hirap nang pinagdaanan ko," marahan ko 'yong sinabi, hindi ko alam kung saan nagmumula dahil basta na lang nagkusa. **"Hinde ako mamimili ng ibang pamilya, masaya ako kung nasaan ako, Chairman."**

Nawala ang magandang ngiti ng Chairman. Hindi agad siya nakasagot, kukurap-kurap pa siyang tumitig sa akin na para bang inuulit sa isip ang mga sinabi ko. At nang makuha iyon ay 'tsaka siya ngumiti, mas

magandang ngiti. Pero hindi siya nagsalita, nanatili siyang ganoon. May magandang ngiti habang nakatingin sa akin.

"Hinde naging madali ang lahat, pero wala akong pinagsisisihan, Chairman."

Ngumiti siya at saka humakbang papalapit sa 'kin. Natinag ako at nagbaba ng tingin. Bahagyang umangat ang mga balikat ko nang tapikin niya ako sa ulo, iyong paraan na ginagawa ng matatanda sa bata. Iyong paraan na para bang natutuwa.

Nang mahinto siya ay 'tsaka ako nag-angat ng tingin. Humakbang uli siya papalayo at saka nakangiting tumingin sa akin.

"Nasabi ko na ba sa iyo kung gaano kaming humahanga sa iyo, Maxpein?" sinabi niya ang mga iyon nang may diin, napalunok ako. **"At gusto kong ipagmalaki ang aking sarili dahil alam kong apo kita."**

"Chairman..."

"Hindi rin ako hihiling ng iba pa dahil hindi ko matatawag na pamilya ang Moon kung wala ka. Hindi ko masasabing kompleto kami, kung wala kaming Maxpein."

Hindi ko maintindihan. Hindi ko naramdamang nangilid ang luha sa mga mata ko. Kaya bahagya akong nagitla nang tumulo na lang 'yon nang kusa at magkakasunod. Nagbaba ako ng tingin, hindi kagalang-galang sa pamilya naming ang tumitig nang matagal sa mata ng kagalang-galang na tao at sa mataas na myembro ng pamilya.

"At kung nabubuhay lamang ang iyong lola, nasisiguro kong araw-araw ay ipagmamalaki ka niya. Nasisiguro ko rin na nagbubunyi siya kung saan man siya naroon. Dahil mabuti kang tao, Maxpein. Mabuti kang anak at kapatid. Totoo kang tao."

"Chairman..." Muling nangilid ang mga luha ko.

"Ikaw ang bayani namin, Maxpein." Ngumiti siya na parang matatawa pa. **"Hindi ako magdadalawang-isip na patayuan ka ng rebulto, gaya ng biro ng kaibigan mong si Zarnaih."**

"Tss."

"Kahit sinong pamilya ay matatawag na swerte kapag naging miyembro ka. Masaya kami na dumating ka sa aming buhay."

Napatitig ako sa kaniya. Nahirapan na akong pigilan ang emosyon maging ang mga luha ko. Mabilis na nangunot ang noo ko, kasunod no'n ay ang pagtulo na naman ng mga luha ko. Masarap sa pakiramdam ang mga

sinasabi ng Chairman. Pero may kaunting kirot din iyon, na unti-unti namang pinapalis ng masarap na pakiramdam.

"Bakit ka umiiyak?" nakangiti pa rin niyang tanong.

Umiling ako, napapahiyang nagbaba ng tingin. **"Dahil buong buhay ko ay kabaliktaran ang nasa isip ko."** 'Tsaka ko lang uli siya nagawang tingnan. **"Pakiramdam ko ay isa akong salot na itinapon sa bahay ninyo. Na kahit anong pagpapaalis ang gawin ninyo, paulit-ulit lang na nagdudulot ng perwisyo."**

Kunot-noong umiling ang Chairman. **"Hindi iyan kailanman nangyari, Maxpein. Nagkaroon ng pagkakataon na nagalit ako sa iyo, totoo. Pero hindi umabot sa punto na inisip kong isa kang salot o perwisyo. Totoong masaya kami nang dumating ka sa aming buhay. At alam ko, saksi ako, kung paano naging mahirap para sa iyo na kilalanin at pakisamahan ang bawat isa sa amin. Napakarami mong pinagdaanan sa murang edad, para lamang mabuhay."**

Bigla ring naging emosyonal ang Chairman. Pero pinilit niya pa ring ngumiti.

"Ngunit sa kabila nang lahat ng iyon, nanatili kang matatag. Nagawa mo pa ring gampanan ang tungkulin mo sa amin. Hindi madali na maging ikaw. Hindi madali na proteksyunan ang pamilya natin."

Matagal akong napatitig sa kaniya. Pinahid ko ang mga luha ko. **"Hinde ko maintindihan kung baket sinasabe ninyo sa 'kin 'to ngayon."** Nangunot ang noo ko 'tsaka muling tumingin sa kanya.

"Dahil hindi ako nagkaroon ng pagkakataon na masabi ang mga ito noong mga nakaraan. Sinasabi ko sa iyo ngayon dahil karapatan mong malaman. We are all so proud of you and all your accomplishments in life, Maxpein. You have made us all proud. If you haven't heard this yet...I am proud of you." Paulit-ulit niya 'yong sinabi, mas tumitindi ang sinseridad.

Hindi ko maipaliwanag ang pakiramdam. May kung anong umaalon sa dibdib ko, pinanlalaki ang ulo ko, pinatataas ang mga balahibo ko. Noon ko lang iyon narinig, mula sa taong espesyal sa akin. Espesyal sa akin ang Chairman, kahit hindi ko nagawang ipakita 'yon nang lantaran, at kahit hindi ko nagawang sabihin 'yon nang harapan.

"Gamsahabnida, Hwejang-nim." Matagal akong tumango sa kaniya, pinigilan ko ang mga luhang tumulo.

Nagkangitian kami nang umayos ako ng tayo, napabungisngis pa habang nakatingin sa isa't isa. Awkward, pero masaya talaga. Hindi ko maipaliwanag ang pakiramdam. Totoong noon niya lang sinabi sa akin iyon, nang may ganoon pang ngiti. Pakiramdam ko ay nawala ang lahat ng negatibong laman ng isip ko. Lahat ay gumanda dahil sa mga sinabi ng Chairman.

"Noona! Noona! Noona! Noona! Noona! Noona! Noona! Noona! Noona! Noona! Noona! Noona!" Muling nangibabaw ang malakas na pagtawag ni Maxrill.

Napaiwas agad ako sa gawi niya para punasan ang luha ko sa mata at pisngi. Pilit na ang ngiti ko nang lingunin siya. May dala siyang mahabang kawayan na may net sa dulo, panghuli.

"What?" inis kong tanong.

"Come with me," aniya na inabrisiete ang braso sa 'kin at hinila ako.

Nilingon ko ang Chairman, tatango-tango lang itong isinenyas na sumama ako. Nakasalubong din namin si Maxwell na inis na inis, hingal na hingal sa kasusunod kay Maxrill.

"Saan ba nagmana ng kakulitan at resistensya 'to?" inis na singhal ni Maxwell, na kay Maxrill ang paningin.

"Samahan mo na muna ang Chairman," nakangiting sabi ko. Kumunot ang noo niya 'tsaka tumitig sa mga mata ko. **"Patatahimikin ko lang ang isang 'to."**

Nagpahila lang ako kay Maxrill, lakad-takbo ang ginawa namin. Nagmamadali siyang makarating sa kung saan, halos kaladkarin ako dahil para bang excited siya na hindi malaman.

"Tadaaa!" aniya pa na ipinakita sa akin ang isang malaking puno.

Malaki iyon pero hindi ganoon kataas. Baliko ang ibabang katawan bagaman makapal.

"Ano 'to?" tanong ko sa sarili naming salita.

"Go on," aniya na itinutulak ako papalapit sa puno.

Hinayaan ko siyang gawin 'yon hanggang sa mapunta ako sa ilalim ng puno. Pinatingala niya ako, sumunod naman ako. At nagulat ako nang makita ang isang malaking agila, hindi pa rin normal ang laki no'n dahil di hamak na mas malaki kaysa normal nitong laki.

Nanlaki ang mga mata ko at biglang napalayo sa puno. **"Michisseo! Michisseo!"** pinagpapalo ko siya sa braso. Humagalpak naman siya ng tawa.

Ilang sandali pa kaming nanatili ro'n, si Maxrill ang pinakanaglibang nang husto. Matapos no'n ay dumeretso kami sa isang hotel at doon nag-lunch. Seafoods ang pagkain, malalaki pero hindi ko 'yon alintana dahil sa sobrang sarap. Nakatatlong mangkok tuloy ako ng kanin.

"Grabe, ang sakit ng tiyan ko," reklamo ko habang nakatayo sa tabi ng silya at hihimas-himas ng tiyan. **"Ang sarap ng pagkain."**

"Naddo," nakasimangot na sabi ni Maxrill, masakit din ang tiyan dahil mas marami nang di hamak ang kinain kaysa sa 'kin.

"Ngayon ko lang kayo nakitang kumain nang ganiyan karami, natuwa naman ako," anang Chairman.

Hindi doon natapos ang araw na 'yon. Gumala pa kami sa kung saan-saan bago nagdesisyong umuwi. Sobrang sarap sa pakiramdam, para akong nakalutang. Hanggang sa makauwi ay para akong baliw na ngingiti-ngiti.

"Where have you been?" nakangiting bungad ni Maze sa amin nang makarating sa mansyon. Syempre, si Maxrill ang nagbumidang magkwento, iyon nga lang ay lamang ang imbento. Ipinagmalaki niya sa ina kung gaano siya kagaling sa pagpapakain ng mga hayop.

Nakangiti akong bumaling sa Chairman na noon ay nakangiting pinakikinggan si Maxrill. **"Thanks for today, Chairman."**

"Oh," umiling siya 'tsaka ngumiti sa akin. **"Thank you for today."**

Napangiti rin ako. **"Maghinga na ho kayo. May trabaho pa yata kayo bukas."**

"Kayo rin. Maaga ang pasok ninyo kaya magpahinga na kayo." Agad na umalalay si More sa Chairman, inihatid ito sa kwarto.

Sandali naman akong nanatili sa sala para makipagkwentuhan kina Maze, More at Maxrill. Si Maxwell ay umuwi sa sarili nitong bahay, marami raw itong tatapusing case presentation para sa duty nito.

Nang makaakyat naman ako sa kwarto ay sandali akong nagpahinga bago naligo. Mahihiga na sana ako nang biglang pumasok si Naih at naupo sa kama ko.

"Kumusta ka naman?" nakangiwi niyang tanong, tiningnan ko lang siya at hindi ako nagsalita. **"Alam mo ba kung gaano kameng nag-alala sa 'yo? Baket ka ba sumama sa Lovemir na 'yon?"**

Napabuntong-hininga ako. **"Alam mo naman ang rason."**

"Pero hinde ko maintindihan ang rason mong 'yon. Ano ba kase talaga 'yang kelangan mo kay Lovemir?"

Tumitig ako sa kaniya. **"Naih, alam mong hinde ko ugali ang magsabe."**

"Okay," bumuntong-hininga siya at isinuko ang parehong kamay. **"Oo at hinde lang ang isasagot mo sa mga tanong ko. Delikado ba 'to?"**

Matagal akong tumitig sa kaniya bago ako tumango. **"Oo."**

Natigilan siya, parang kinabahan pa. **"Masamang tao ba si Lovemir?"**

Napabuntong-hininga uli ako 'tsaka umiling. **"Hinde ko pa alam, hinde ako sigurado. Hinde ko masabeng hinde, hinde ko masisigurong oo."**

"My God," bulong niya pa 'tsaka muling tumingin sa akin. **"Kelangan ba talagang makipaghiwalay ka ke' Sensui nang dahil dito?"**

"Oo," deretso kong tugon, muli siyang natigilan. **"Pero hinde lang dahil dito. Kundi dahil sa ginawa niya."**

"Mapapatawad mo pa ba siya?"

"Hinde ko sigurado."

"Max..."

"Naih, pagod ako. Marame kameng pinuntahan ngayon at karamihan sa mga 'yon ay nilakad namen. Pagod talaga ako."

"Last na," hirit pa niya. Tiningnan ko siya nang masama. **"May tao ba ro'n sa attic?"** pabulong niyang tanong, kabado. **"Natatakot kase ako, Max, parang gabe-gabe ay may naririnig akong naglalakad."**

Nanlaki ang mga mata ko. **"Naglalakad?"**

"Oo, parang paroo't parito! Paikot-ikot! Gano'n! Me' tao ba ro'n?"

"Wala," pagsisinungaling ko. **"Bawal kayong pumuta ro'n,"** seryoso kong sinabi. Natigilan siya at napatitig sa akin. **"Sige na, magpahinga ka na. Maaga pa tayo bukas."**

"Sige, good night." Alam kong hindi naniwala si Naih sa sinabi ko. Halata naman dahil bukod sa kilala niya na ako ay mababasa sa kilos niya 'yon. Nakatingin siya sa 'kin, bahagyang nakanguso hanggang sa makalabas ng kwarto ko.

Nagpapaikot-ikot? Muli akong napatingin sa pinto kung saan lumabas si Naih. *Paano nangyare 'yon? Nakatali siya ro'n, hinde niya pwedeng gawin 'yon.*

Bigla akong kinabahan. At sa hindi maipaliwanag na dahilan ay bigla rin akong kinilabutan.

Nang maramdaman ko siyang pumasok na siya sa sariling kwarto ay 'tsaka ako tumayo at nagsuot ng roba. Kinuha ko ang baston sa likod ng pinto at saka tahimik na nagtungo sa attic.

Binuksan ko ang pinto gamit ang susi, 'tsaka ko iyon tahimik na binuksan. Sandali akong natigilan nang makitang nakapatay ang ilaw. Nasa loob mismo ang switch niyon, hindi gaya sa karamihan ng kwarto na nasa gilid mismo ng pinto. Kinailangan ko pa munang pumasok bago mabuksan ang ilaw.

Mahigpit ang kapit ko sa baston habang tinatalunton ang switch, napadilat pa ako nang tuluyan ko iyon mabuksan. Parang nasanay bigla sa dilim ang mga mata ko.

Ngunit agad ding nanlaki ang mga mata ko nang makitang wala si Taylor sa silya o sa kama nito! Napalingon ako sa banyo nang biglang bumukas ito. Gano'n na lang ang gulat niya nang makita ako, ngunit agad ding bumawi. Nakita ko siyang palihim na itinago ang parehong kamay sa likuran, lalo kong nahawakan nang maigi ang baston.

Nakaangat na ang gilid ng labi niya nang titigan ako. **"Gabing-gabi naman yata ang pagdalaw mo, Miss Moon?"** 'ayun na naman 'yong sarkastiko niyang tinig.

"Sinong nagkalag sa 'yo?"

Lalong umangat ang gilid ng kaniyang labi at saka tuluyang lumabas sa banyo. **"Nakiusap ako sa iyong lolo na kung maaari ay bigyan ako ng kalayaan kahit papaano. Hindi sa lahat ng oras ay tinutugunan nila ang mga pangangailangan ko. Wala sa oras ang pagkain ko, kung umihi ako ay t'wing may kakatakot lang na tao."**

Hindi ako makapaniwala na pinayagan siya ng Chairman. *Imposible!* **"Sino ang nagkalag sa 'yo?"** muling tanong ko.

"Masyado ka na namang mainit, Miss Moon?" lalo pa siyang ngumisi 'tsaka humakbang papalapit sa 'kin. 'Tsaka siya nagbaba ng tingin. **"At ano iyang hawak mo?"** nakangising tanong nito.

"Paano kang nagpapalakad-lakad dito? Nakatali ka lang, hinde ba?"

"Gaya nang sinabi ko, humingi ako ng kalayaan," aniya 'tsaka tuluyang ipinakita ang malayang mga kamay.

Nanlaki ang mga mata kong napatitig sa mga kamay niya. Nang mag-angat ako ng tingin ay pinandidilatan niya na ako. Pinalalaki ang mga mata niya at saka biglang sumugod!

Yumuko agad ako at pinatid siya, mabilis siyang natumba. Sinakal ko siya gamit ang baston, agad naman siyang naubo at nagpumiglas.

"Nakakalimot ka yata kung sino ang 'yong kaharap?" mahinang sabi ko. **"Bago ka makatakas dito ay dadaan ka sa kamay ko--"** Natigil ako sa sinasabi nang mag-ring ang cellphone ko. Napasinghal ako sa inis at saka kinuha iyon at sinagot. **"Hello?"**

Hindi ko inalis ang paningin kay Taylor. Iiling-iling siya habang nakangisi at nakatingin sa akin. **"Kakaiba ka, Miss Moon,"** mariing bulong niya.

"Hi," tinig ni Lovemir.

"You called to say hi?" inis kong tugon.

"No," natitigilan nitong sagot. **"I want to know if you're okay. Are you all right?"**

"I am."

"How are you feeling? You were burning hot last night, Maxpein." Natawa pa 'to sa huli.

"I'm okay, I have to go." Sa t'wing ito ang kausap ko ay napapa-Ingles ako, hindi gaya kapag si Maxwell ang kaharap ko. Kahit anong isagot ko, kampante ako.

"Alam ba niyang kausap mo na may ilegal kang ikinulong dito sa inyong bahay, Miss Moon?" Sinadya ni Taylor lakasan ang boses. Tinutop ko ang bibig at panga niya gamit ang tuhod ko. Nagpumiglas agad ito ngunit dahil halata ang panghihina nito ay wala siyang nagawa.

"Are you with someone?" tanong ni Lovemir.

"I'm okay, I'll call you later--"

"Maxpein."

"I said, I'll call you later--"

"Tulungan niyo 'ko!" sigaw ni Taylor! Nanlaki ang mga mata ko at napilitang putulin ang linya ni Lovemir.

"Gusto mong makawala?" tanong ko. Tumitig siya sa 'kin nang may madilim na tingin. **"Pagbibigyan kita, pero hinde ka pa man nakalalayo ay huhulihin na kita at ibabaon sa lupa."**

"Hindi ko maintindihan kung saan...nanggagaling ang galit mong iyan, Miss Moon." Sinisikap niya pa ring maging sarkastiko bagaman hirap na hirap nang magsalita.

"Pinasok ninyo ang teritoryo namen, hinde mo alam kung ano ang ginawa ng pamilya ninyo sa pamilya naman. Malala. Nakakaubos ng pasensya. Nakabubuhay ng galit."

"Natural." Naningkit ang mga mata niya. **"Buhay ang nawala sa amin, sino ang hahayaan na lang iyong mabale-wala?"**

Natigilan ako ngunit hindi nagpahalata. **"Sabihin mo nga sa 'kin. Saan 'to nagsimula?"**

"Sa pagsabog." Galit siya nang sabihin 'yon.

Pagsabog? **"Anong pagsabog?"**

Ngumisi siya. **"Wala ka talagang ideya? Nagmamagaling ka lang!"**

Biglang humupa ang galit ko, napuno ako ng tanong. *Anong pagsabog ang sinasabe niya?* **"Sabihin mo sa 'kin ang lahat!"** utos ko.

"Pakawalan mo muna ako. At umalis ka sa ibabaw ko. Hindi ka magaan."

Hinila ko ang damit niya at pilit siyang itinayo. **"Sabihin mo sa 'kin ang lahat nang nalalaman mo."**

"Ano ang kapalit?"

"Mas hahaba ang buhay mo."

Ngumisi siya. **"Sino naman ang may sabi sa iyo na ikaw ang hahatol sa buhay ko? Kaya kong tumakas dito, Miss Moon."**

Nangunot ang noo ko. **"Baket hinde mo ginagawa kung gano'n?"**

"Dahil nag-e-enjoy pa ko," aniya na bigla akong itinulak dahilan para mapaatras ako.

Muli ko siyang hinampas ng baston, gaya kanina ay tinamaan siya at napahampas sa dingding. Dahil gawa 'yon sa kahoy ay nakagawa kami ng ingay. Agad kong naramdaman ang mga pagkilos sa 'baba.

"Wala kayong kinalaman sa pagsabog," muling ani Taylor. Nakangisi siya, tinutulungan ang sariling umayos ng tayo. **"Pero dahil narito ako, at dahil sa pakikialam ninyo, nadamay kayo. Huwag kang mag-alala, Miss Moon, magandang laro ito."**

Sa inis ko ay basta ko na lang siyang binalya. Malakas iyon kaya hindi na kataka-takang nakatulog agad siya. Biglang bumukas ang pinto, agad na pumasok si Mokz. Kasunod niya sina Daddy at Chairman.

"What is going on here?" kunot-noong tanong ni daddy.

Bumaling ako kay Mokz. **"Paanong nakakagala-gala dito sa kwarto 'yan?"** itinuor ko si Taylor gamit ang baston.

Walang sumagot sa 'kin, sa halip ay naupo si Mokz sa harap ni Taylor at pinulsuhan ito. Nag-angat siya ng tingin sa amin bago sinipat ang mga kamay at paa ni Taylor. Nang makitang wala ang rehas na nakatali sa mga galamay nito ay 'tsaka siya nag-angat ng tingin sa amin.

"Paano nga namang nakawala sa pagkakatali ito?" seryosong tanong ni Mokz.

Nasapo ko ang noo ko. **"Nasa'n si Maxrill?"** napapapikit kong tanong.

"He's already sleeping," sagot ni daddy.

Masama na ang tingin ko nang magmulat. **"Kausapin niyo 'yan, kapag ako ang kumausap sa kaniya ay masasaktan pa siya."**

Matapos sabihin 'yon ay kinuha ko ang dalawang paa ni Taylor 'tsaka hinila ito papalapit sa kama at muling itinali. Sabay-sabay kaming bumaba at nagtungo sa kusina. Lahat sila ay nakatingin sa akin.

"May sinasabe siyang pagsabog, doon daw nagsimula ang lahat," 'tsaka ako tumingin kay Mokz. **"Kelangan kong makausap si Heurt."**

"Pagsabog?" nalilito ring tanong ni Mokz, tumango ako. **"Ano naman kayang pagsabog iyon?"**

Umiling ako. **"Hinde ko alam. Wala akong naririnig na gano'n."**

"Magpahinga ka na muna," anang Chairman, tumango ako sa kaniya. **"Bukas na bukas pagkauwi mo galing sa klase ay kausapin nating lahat si Heurt."**

"Kelangan nateng makausap si Chairman Enrile." Tumingin ako sa kanilang lahat. **"Ang lakas ng kutob kong me' kinalaman siya dito."**

"Gagawin natin iyan," ani Chairman at saka lumapit at hinaplos ang buhok ko. **"Matulog ka na,"** nakangiti niyang sabi.

"Walang aakyat sa attic, lalo na kapag wala kame ni Heurt," habilin ko.

"Walang aakyat sa attic," nakangiting pag-uulit ng Chairman.

"Kausapin ninyo si Maxrill."

"Kakausapin namin si Maxrill."

"Magpalagay kayo ng bantay sa labas ng attic," sabi ko at saka sila tinalikuran.

Napapabuntong-hininga akong nahiga sa kama, puno na naman ng katanungan ang isip ko. *Anong pagsabog ba ang sinasabe nang lintek na 'yon?* Pakiramdam ko ay may pumipitik sa sentido ko dahil sa sobrang pag-iisip. Natinag na lang ako nang muling mag-ring ang cellphone ko. Si Lovemir na naman 'yon.

"What happened? You're not answering my calls, are you all right?" magkasunod niyang tanong.

Napabuntong-hininga ako. **"Ayos lang ako."**

"Nandito ako sa labas ng bahay niyo."

"Ano?" nagugulat akong napatayo. **"Anong ginagawa mo diyan? Umuwe ka na, gabe na."**

"Gusto kong malaman kung ayos ka."

"Ayos lang ako."

"Gusto kong makita."

"Ang alen?"

"Ikaw. Tch."

Sumeryoso ako. **"Umuwe ka na."**

"Bumaba ka muna."

"Umuwe ka na sabe, ayoko sa makulet."

"Kahit hindi ako makulit ay ayaw mo sa akin, bumaba ka na."

Napabuntong-hininga ako. **"Pagkababa ko ay uuwe ka na, malinaw?"**

"Okay." Batid kong nakangisi na naman siya nang isagot 'yon.

Napaismid ako 'tsaka ibinaba ang linya. Hinagilap ko ang roba ko 'tsaka ako lumabas ng kwarto. Nakasalubong ko pa ang ilan sa mga tauhan habang pababa ako. Hindi ko naman na sila pinansin at saka ako dumeretso sa labas.

Kumaway si Lovemir nang makita ko. Nakasandal siya sa kotse at nakapamulsa ang isang kamay. Lumabas ako at naglalakad na ako papalapit sa kaniya nang ilabas niya ang isang paperbag mula sa sasakyan.

"For you," lahad niya.

"Ano 'yan?" tanong ko nang hindi iyon tinatanggap. Pero agad na nangalingasaw ang mabangong amoy, mukhang alam ko na kung ano 'yon.

Sa halip na sumagot ay kinuha niya ang kamay ko at pilit na isinabit doon ang paperbag. Nakatingin na siya sa akin nang mag-angat ako ng paningin. Pinagkrus niya ang mga braso at saka tumitig sa akin. Walang emosyon na mababasa sa mukha at mata niya, nangunot tuloy ang noo ko.

"Salamat dito, umuwe ka na," sabi ko.

"Wait," hinawakan niya ako sa braso dahilan para matigilan ako sa akmang pagtalikod.

Nagbaba ako ng tingin sa kamay niya bago tumingin sa kaniyang mga mata.

"I'm always for you, okay?" aniya sa papahinang boses.

Kumunot ang noo ko. **"I can take care of myself, Lovemir."**

"I know," naramdaman ko nang pisilin niya ang kamay ko. **"Basta 'wag mo kalimutan 'yong sinabi ko."**

"Okay, salamat." Wala sa plano kong pahabain ang usapan.

Muli na sana akong tatalikod nang bigla na naman niya akong hilahin. Pero mas nagulat ako nang ganoon kabilis niyang nasapo ang parehong pisngi ko. Nalaman ko na lang, nahalikan niya na ako sa noo. Hindi pa man ako nakakakilos ay niyakap niya na ako. Lalo akong natigilan, hindi ko nagawang gumalaw.

"'Wag ka na uli magkakasakit," mahinang aniya bagaman malayo sa tenga. **"Hindi bagay sa iyo."** Bumungisngis siya sa dulo at saka lumayo. Ngumiti siya. **"Pumasok ka na, 'tsaka ako aalis."**

Hindi ako sumagot, matagal ko siyang tinitigan bago tuluyang tinalikuran. Napapabuntong-hininga na lang akong naglakad papasok, hindi na ako nag-abalang lingunin pa siya.

Nagagawa mo 'yan dahil me' kelangan ako sa 'yo. Kung wala ay paghihiwalayin ko 'yang katawan mo.

Binuksan ko ang paperbag at inilabas ang lugaw na nakalagay sa styro. Inilapag ko 'yon sa kitchen island 'tsaka ako naupo. Nangangalingasaw ang mabangong amoy nito. Nakakatakam. Nakakagutom. Hindi ko man ugaling magsayang ng pagkain, sadyang busog ako. Wala akong nagawa kundi ang titigan na lang iyon.

"Noona?" mayamaya ay nangibabaw ang boses ni Maxrill, naglapat ang mga labi ko. **"What's that smell? Hmm?"**

Basta pagkaen, nagigising... Inis ko siyang nilingon. **"Baket gising ka pa?"** Ngumuso siya at hindi sumagot. **"Upo,"** inginuso ko ang silya sa aking harapan.

Nakangisi siyang sumunod at saka mabilis na hinila ang mangkok na styro papalapit sa kaniya. Mas mabilis pa sa hanging binuksan ang styro at akma nang susubo nang tapikin ko siya sa braso.

Nakanguso siyang tumingin sa 'kin. **"What?"**

"Umaakyat ka pa ba sa attic?"

"Ani!"

"Umaakyat ka pa ba sa attic?" muling tanong ko, hindi ako naniniwala sa sagot niya.

Lalo siyang ngumuso. **"Aniyo! Ah, wae! Wae! Wae! Wae! Wae!"** naiinis niyang sabi.

"Totoo ba 'yan?" paniniguro ko, ngumuso siya. **"Sige, kumain ka na."** Paismid kong inalis ang paningin sa kaniya.

Ipinatong ko ang magkabila kong siko sa kitchen island 'tsaka iginala ang paningin ko sa labas ng mga bintana.

Kung hinde si Maxrill ay sino?

Imposibleng kalagan si Taylor ng pamilya ko, maliban kay Maxrill dahil kalaro ang tingin niya rito. Nasisiguro kong hindi umaakyat doon sina Maze at More nang walang dahilan. Si Chairman ay hindi aakyat nang mag-isa ro'n. Si Maxwell ay hindi rin nagagawi roon. Si Mokz at ako lang ang tanging nakakapasok sa attic nang walang takot. Nagawa rin 'yon ni Maxrill pero dahil sa kakulitan lang 'yon, hindi niya matandaan kung sino si Taylor.

KINAUMAGAHAN ay nagising ako sa maingay na bibig ni Naih. Pagmulat ko ay maliwanag na, tinanghali na naman ako ng gising. Hindi na ako nagpapilit, kusa na akong kumilos para maligo at magbihis. Nag-agahan lang kami at mayamaya lang ay nasa school na.

Agad akong sinalubong nang magandang ngiti ni Lovemir nang makarating sa classroom. Syempre, nag-alinlangan agad ako dahil naramdaman ko agad ang masamang tingin sa 'kin ni Naih. Palihim ko na lang siyang nginitian nang makaupo na ako.

"Okay ka na?" pabulong niyang tanong.

"Kahapon pa," tipid kong sagot.

Hindi na kami nakapag-usap pa nang pumasok ang lecturer. Nagbigay agad ito ng pointers to review para sa periodical exam namin. Sa susunod na buwan na 'yon. Maaga ang huling periodical exam dahil bukod do'n ay may dalawang major exam pa, Proficiency at Exit Exam.

Bukod din sa mga major exams, inanunsyo sa ibang subjects ang ilang projects kaya talagang magiging abala kami sa mga susunod na buwan. Maging ang baby thesis namin sa ilang subjects ay minamadali na ng ibang lecturer.

Kaya nang bumaba kami para sa lunch break ay pare-pareho kaming ngarag. Halos hindi nakakain nang ayos dahil may kani-kaniya pa kaming inaasikaso para sa mga subjects sa hapon.

Absent nang hapon na 'yon si Miss Agaser. Pero gaya nang nakaraan, nag-iwan ito ng excercises na kailangan naming gawin at ipasa sa table nito bago matapos ang araw na iyon. Sabay-sabay kaming nagpunta sa library at agad na hinanap ang libro na kakailanganin. Syempre, tahimik ang lahat, maliban kay Naih na panay ang pakikipagbulungan kay Michiko.

"Patingin nga niyan," pabulong kong sabi 'tsaka tiningnan ang librong ginagamit ng mga kaibigan ko. **"Tss. Kung ito ang gagamitin ko ay baka magkapare-pareho ang mga sagot naten,"** isinauli ko iyon kay Michiko.

Tumayo ako at naghanap ng ibang libro na magagamit. Inilagay ko ang hintuturo at pinadaan iyon sa bawat madaanan kong libro. Hanggang sa mahinto nang kusa ang daliri ko dahil may kumuha.

Agad akong bumaling sa harapan. Si Sensui. Natigilan ako at napatitig sa kaniya. Hindi naman siya nagsalita at sa halip ay inilagay ang likod ng palad sa noo ko. Matapos ang ilang segundo ay iniiwas ko ang mukha ko.

"Mabuti naman at magaling mo na." Ngumiti siya.

"Busy ako," sabi ko na muling itinuon ang paningin sa mga libro.

"Taguro," pabulong 'yon pero mahihimigan ang pang-aagaw niya ng atensyon. Hindi ko pa rin siya nilingon. **"Taguro, ayusin na natin 'to. Sige na."**

"Baket pa?"

"Anong bakit pa?"

Paismid ko siyang nilingon. **"Niloko mo na 'ko, hinde malayong umulit ka. Baka nga magpaulit-ulit pa."**

"Taguro naman?"

"Me' ginagawa ako, Deib, 'wag mo 'kong guluhin."

"Sige, pero magkita tayo mamaya?"

"Uuwe ako agad, marame akong gagawin."

"Eh, di ihahatid kita? Pwede rin kitang tulungan. Wala ako masyadong gagawin ngayon."

"Kaya kong mag-isa."

"Taguro naman..."

"Please?" nakikiusap kong sabi 'tsaka lumingon kung may nakakakita sa 'min.

"Nami-miss na kita," malungkot niyang sabi, titig na titig sa mga mata ko. **"Bumalik ka naman na sa 'kin."** Hindi ako nagsalita at sa halip ay kinuha na lang ang librong nadapuan ng kamay ko. **"Taguro..."**

Bumuntong-hininga ako 'tsaka siya nilingon. **"Matuto kang rumespeto sa desisyon, Sensui."** Iyon lang at iniwan ko na siya. Hindi na ako lumingon pa hanggang sa makaupo uli ako.

Napapikit ako sandali at nang magmulat ay nakatitig na lang ako sa blanko kong work book. Napabuntong-hininga ako at nilingon kung nasaan si Sensui, nandoon pa rin siya at nakatingin sa 'kin. Muli akong nag-iwas ng tingin at saka nagsimulang magbasa. But I'm already distracted. I can't focus anymore. Lalo na at nararamdaman ko ang paningin niya sa 'kin.

"Hey," natinag ako sa bulong ni Lovemir, masyado 'yong malapit sa tenga ko. Maingat niyang hinila ang silya sa tabi ko at naupo ro'n. **"I'm done, how's yours?"**

"Magsisimula pa lang ako," pabulong kong sabi, iniiwasang tingnan siya dahil makikita ko si Sensui. Alam kong naro'n pa siya at paniguradong masama na ang tingin sa amin.

"Kailan natin sisimulan 'yong thesis?" tanong niya.

"Sshh!" agad kaming sinaway ng librarian.

"Tch," sambit ni Lovemir 'tsaka inilabas ang notebook niya. Nagulat na lang ako nang ilapit niya sa 'kin ang notebook mayamaya.

Lovemir: *Kailan natin sisimulan 'yong thesis?*

Napalingon ako sa kaniya nang makitang isinulat niya 'yon sa notebook. Pasimple akong sumulyap sa gawi ni Sensui, na noon ay talagang masama na ang tingin sa amin. Nagsulat din ako sa notebook.

Max: *Kelan ba dapat?*

Lovemir: *Ikaw lang ang hinihintay ko, kailan ka ba pwede? Mas maganda siguro kung maaga nating masisimulan para maaga ring matapos. Busy na tayo sa mga susunod pang linggo.*

Max: *Sige.*

Lovemir: *Kailan nga?*

Max: *Kailan mo ba gusto?*

Lovemir: *Pwedeng mamaya na agad? Saan tayo gagawa?*

Max: *Pwede rin dito sa library.*

Lovemir: *Paano kapag nagsara nang maaga?*

Max: *Ang dami mong dahilan, ah?*

Lovemir: *Pwede sa bahay ko, yayain na lang natin ang mga kaibigan mo.*

Max: *K.*

Lovemir: *Ang tipid naman ng sagot mo.*

Max: *Busy kasi ako, hinde mo ba nakikita?*

Lovemir: *Paano ko makikita, eh, nasa 'yo ang paningin ko?*

Matapos basahin 'yon ay napalingon ako sa kaniya. Nakatingin nga siya sa 'kin habang nakapangalumbaba pa. Pasimple kong iginalaw ang mga mata ko, wala na ro'n si Sensui. Napabuntong-hininga ako at muling itinuon sa ginagawa ang atensyon.

Pero hindi ko malaman kung ano ang trip ni Lovemir. Yumuko siya sa sariling braso at tumitig sa akin. Napalingon tuloy ako sa kaniya, seryoso

siyang nakatingin. Napatingin ako kay Naih na masamang-masama na ang tingin, mas masama pa ang tingin niya nang isenyas si Lovemir. Para bang tinatanong niya kung ano ang ibig sabihin ng iniaasta nito.

Sinamaan ko ng tingin si Lovemir. **"Umayos ka,"** bulong ko.

Umayos naman siya at muling nanglumbaba. Deretso pa rin ang tingin sa 'kin. Hindi ko na siya pinansin pa, tinapos ko na lang ang ginagawa. Naunang lumabas si Lovemir, doon niya kami hihintayin.

"Nababaliw ka na ba talaga?" pabulong na asik ni Naih, hindi ipinaririnig sa mga kaibigan namin ang sinabi. **"Baket ka pumapayag na ganunin ka ni Lovemir? Ano ba, Max?"**

"Thank you," sabi ko sa librarian 'tsaka siya hinarap. **"Kung iniisip mong me' gusto ako sa kaniya, eh, nagkakamali ka."**

"Paano siya? Halatang me' gusto siya sa 'yo, Max."

"Baka sa 'yo me' gusto? Ikaw ang nakahalata, eh."

"Seryoso ako, Max."

"Seryoso rin ako, Naih. Alam mo kung ano ang dahilan ko." Ipinakita ko sa kaniyang seryoso talaga ako. Napabuntong-hininga na lang siya sa inis.

"Paano si Sensui? Paano kapag nakita niya 'to? Ano na lang ang sasabihin niya sa 'yo? Masasaktan mo 'yong tao."

"Ibang usapan na 'yon, hiwalay na kame, Naih."

"At wala kang balak na makipag-ayos?"

"Wala."

"Grabe naman, Max! Hinde ko na maintindihan 'yang galit mo, eh. Kakaiba na masyado!" nagagalit na talaga siya sa 'kin. **"Payong kaibigan lang, ah? Sana 'wag mo pagsisihan 'tong ginagawa mo."** Nauna siyang lumabas sa inis sa akin.

Napabuntong-hininga na lang uli ako 'tsaka sumunod. Nandoon nga si Lovemir, nakangiting naghihintay sa akin. Hindi na ako hinintay ni Naih, nauna na siya kasama ng mga kaibigan namin. Sumunod naman kami ni Lovemir papunta sa faculty kung saan iiwan ang work book namin.

"Pwede ba kitang yayain na lumabas?" tanong ni Lovemir, mabagal ang paglalakad namin.

"Baket?"

"Ganoon yata kapag nanliligaw?" patanong niyang sagot 'tsaka ngumisi.

"Pinayagan na ba kita?"

"Hindi, pero mukhang hindi ka rin tumatanggi."

"Tss."

"Ano, pwede ba tayong lumabas?"

"'Tsaka na, marame pa tayong gagawin."

"Kahit dyan lang sa coffee shop."

"Magkikita pa naman tayo bukas."

"Tch." Napapahiya itong nag-iwas ng tingin sa 'kin. Napangisi na lang ako 'tsaka kami nagtuloy sa paglalakad.

Hindi pa rin kami hinintay ni Naih, nagmamadali itong lumabas habang papasok kami. Dumeretso na sila sa locker at mukhang mauuna na rin siyang umuwi. Hindi na ako naghabol pa, hindi niya rin naman kasi ako maiintindihan kung magpapaliwanag ako.

"Hindi ba talaga kita pwedeng yayain?" pangungulit ni Lovemir nang makalabas kami sa campus. **"Kahit coffee lang."**

"Baket ba ang kulet mo?"

"Ewan," inosente niyang sagot 'tsaka tumawa.

Napabuntong-hininga ako. **"Sige, kape lang."**

"And bread."

"Whatever," nanguna akong maglakad, dere-deretso hanggang sa makapasok sa BIS Coffee Shop. Um-order agad siya nang makapasok bago naupo sa harap ko. **"Seryoso ka ba talaga sa ginagawa mo?"** pamamrangka ko sa kaniya. Nanatili lang siyang nakatitig sa 'kin. **"Wala akong makitang dahilan para magustuhan mo 'ko, Lovemir."**

"Pareho pala tayo," sinabi niya 'yon habang titig na titig pa rin sa 'kin.

Napairap ako. **"Paano kapag nalaman 'to ng asawa mo?"**

"You don't have to worry," nakangisi niyang tugon.

"Hinde sa nag-aalala ako."

"Sabihin mo lang sa 'kin kung nagkabalikan na kayo ng boyfriend mo," naging peke ang ngiti sa kaniyang labi.

"Hinde na mangyayare 'yon." Eksaktong dumating ang waiter at isinerve ang order namin. At ganoon katagal din kaming nakatitig ni Lovemir sa isa't isa.

"Niyaya kita para pag-usapan ang thesis." Ngumisi ito. **"Saan sa tingin mo tayo dapat na magsimula?"**

"May guidelines naman, doon nalang tayo sumunod."

"Tingnan mo 'to," inilabas niya ang isang folder. **"Pagkauwi mo, basahin mo. Iyan ang ilan sa mga na-research ko."**

"Kung galing sa internet, hinde ako interesado."

"Hindi ako pala-internet. Galing ang mga iyan sa libro."

'Tsaka ko binuklat iyon at ini-scan. **"Mm, mukhang okay nga 'to. Sige, babasahin ko pagkauwe."**

"'Tsaka doon sa isang project, magka-partner din tayo. Sa isang linggo na ipapasa 'yon at wala pa tayong nasisimulan."

"Kung gsuto mo ay iimbitahan kita sa bahay namen, doon na lang tayo gumawa."

"Okay, isama mo na lang 'yong mga kaibigan mo," nakangiti niyang sabi.

Marami pa kaming pinag-usapan. Marami na kasi talaga kaming gagawin sa mga susunod pa na buwan. Tatlong buwan na lang, ga-graduate na kami. At sa t'wing maiisip ko 'yon ay napapangiti na lang ako.

"Ah, mauna ka na, susunod ako," sabi ko nang mag-ring ang cellphone ko, lalabas na sana kami sa shop.

"I'll wait for you outside," aniya at saka lumabas.

"Heurt?" sagot ko sa tawag.

"Anong oras ang uwi mo? Nandito ako sa mansyon, ipinatawag ako ng Chairman. Ang kaso ay kailangan ko ring umuwi agad dahil darating ngayong gabi si Kev."

"Papauwe pa lang sana ako. Pero pwede naman nateng pag-usapan dito."

"Tungkol saan iyon?"

Nilingon ko si Lovemir, tahimik siyang nagse-cellphone sa labas. **"Nakausap ko si Taylor, me' nabanggit siya sa 'kin tungkol sa pagsabog."**

"Pagsabog?"

"Mm, ang sabe niya ay doon daw nagsimula ang lahat ng ito. Me' nalalaman ka ba tungkol sa pagsabog?"

"Maliban sa nangyari sa Palawan, wala na."

"Hinde, paniguradong hinde 'yon ang tinutukoy niya."

"Oo, dahil iyon na ang paghihiganti nila."

"Pwede mo bang alamin ang mga nangyareng pagsabog dito sa Laguna nang nakaraang taon hanggang sa taon na 'to?"

"Sige, gagawin ko iyan. Magbabalik ako bukas dito, mag-usap tayo."

"Marame 'kong gagawin bukas. Sa weekend, kung ayos lang?"

"Sige."

"Ingat ka pauwe," sabi ko 'tsaka pinutol ang linya.

Ngunit agad akong natigilan nang pagbaling ko papalabas ay nandoon na si Sensui, kausap si Lovemir. Nagmadali akong lumabas para harapin sila.

"Deib," untag ko.

"I want to talk to you." Bagaman masama ang tingin ay sinikap niya akong kausapin nang malumanay.

Tiningnan ko si Lovemir, bahagya itong lumayo. **"Ano 'yon?"** baling ko kay Sensui.

"Taguro, alam mong ayaw kong makakasama mo ang lalaking 'yan." Seryoso pa rin siya. **"Ano ba ang dapat kong gawin para mapatawad mo 'ko?"**

Kunyari akong nag-isip. **"Wala naman na,"** pormal kong sabi. Mas sumama ang tingin niya. **"Hinde na ako galit, pero hinde na rin ako babalik."**

"Taguro, patawarin mo na 'ko."

"Hinde gano'n kadali ang hinihingi mo. At naiinis ako sa pangungulit mo."

"Sige, titigil ako, tigilan mo rin ang pagsama sa lalaking 'yan dahil nagseselos ako."

"Wala ka nang karapatan na diktahan ako, hiwalay na tayo at nagkasundo tayong gawin 'yon."

"Dahil nasaktan ako masyado sa mga sinabi mo, kaya ako pumayag."

"Hinde ko kasalanan."

Humakbang siya papalapit. **"Alam mo namang mahal na mahal kita, 'di ba? At nasasaktan ako dahil nasaktan kita. Taguro, maniwala ka sa 'kin, nagsisisi na ako ro'n sa nangyari."**

"Tigilan mo na ang kapapaliwanag, Sensui, ilang beses ko ba dapat na marinig 'yan?" inis kong tugon.

"Hindi mo na ba talaga ako mahal?" seryoso niyang tanong.

Ngumisi ako. **"Matitiis ba kita kung mahal pa kita?"** 'tsaka ako tumingin sa mga mata niya.

Deretso siyang tumitig sa 'kin at gusto kong manibago. Inaasahan kong mangingilid na ang mga luha niya ngayon, dahil ganoon siya kaemosyonal. Pero bagaman kunot na kunot na ang kaniyang noo ay hindi nawawala ang masamang tingin sa 'kin. Humugot siya nang malalim na hininga 'tsaka muling humakbang papalapit sa 'kin.

"Kung ginagawa mo 'to para maiparamdam sa 'kin 'yong sakit na naramdaman mo dahil sa katarantaduhan ko, titiisin ko. Kung ang pananakit sa 'kin ang daan mo para makapaghiganti, tatanggapin ko. Sabihin mo lang na babalik ka sa 'kin kapag natapos 'to."

"'Wag mo isiping gumagante ako sa 'yo," ngumisi ulit ako. **"Nasasaktan ka lang talaga dahil ikaw ay me' nararamdaman pa, ako, wala na."** Natigilan siya, bumagsak ang mga balikat at saka nagbaba ng tingin. **"Ako na ang makikiusap sa 'yo, tigilan mo na 'to. Tama na. Mabigat din sa pakiramdam ko na nasasaktan ka pa kahit hinde naman 'yon ang intensyon ko. Hinde ako tulad mo na nananadya--"**

"Taguro!" pigil niya sa 'kin. Kunot na kunot ang kaniyang noo, masamang-masama na ang tingin sa 'kin. **"Paano mo nasasabi 'yan habang nakatingin sa mga mata ko, Maxpein?"**

"Gano'n yata talaga kapag totoo ang sinasabi mo."

"Maxpein..." Lumapit siya at akmang hahawak sa 'kin, lumayo ako. **"Please, come back to me."**

"Hinde ako ang kelangan mo, Deib."

"Taguro, ikaw ang mahal ko."

"Alam ko." Sumeryoso rin ako. **"Nararamdaman ko namang mahal mo pa ako, hinde mo na kelangang ipaalam. Sayang nga lang kase wala na akong pakelam."** 'Tsaka ako ngumisi.

"Taguro..." Tinitigan niya ako na para bang hindi siya makapaniwala sa mga sinabi ko. **"'Wag mo 'kong saktan nang ganito, nakikiusap ako sa 'yo. Hindi 'to kaya ng puso ko."**

"Ano ang magagawa ko? Ito na lang ang paraan na meron ako para masabe sa 'yo ang totoo, nang magising ka na dyan sa bangungot mo."

"Hindi ako makapaniwala sa mga sinasabi mo, Taguro. Parang hindi na kita kilala."

"Kwits," ngumisi ulit ako. **"Parang hinde rin kita nakilala no'ng gabing enjoy na enjoy ka sa pagkakasala mo. Dahil do'n, nawala lahat, Sensui. Lahat."**

"Ang daya mo naman?" Noon palang namasa ang mga mata niya, halatang pinipigilan niya 'yon. **"Wala pa tayong ilang buwang nagkakahiwalay, ganiyan ka na agad?"**

"Siguro ay dahil sanay na 'ko?" Ngumisi ako. **"Ilang beses mo na nga bang ginawa 'to? Hinde ko na tanda. Magkakaibang level ng intimacy sa mga babae, nakakatuwa,"** sarkastiko kong sabi.

"Alam mong hindi ko kayang makipaghiwalay sa 'yo, Taguro. Ikaw ang mahal ko at hindi ko na kayang magmahal pa ng iba. Inaamin ko na nagkamali ako. Parang awa mo naman na, patawarin mo na ako."

"Tigilan mo na sabe," ipinakita ko ang galit ko. Nang matigilan siya ay 'tsaka ako ngumisi. **"Baket ba ipinagpipilitan mo pa ang sarili mo sa 'ken? Napakaraming magagandang babae ang nagkakandarapa sa 'yo, Deib. Baket hinde ka na lang sa kanila mamili? 'Yong pinakamaganda na ang piliin mo, 'wag 'yong sa me' itsura lang na gaya ko. Kase baka isa 'yon sa dahilan kaya naghahanap ka ng iba."**

"Mas gugustuhin ko pa na mamatay kesa magmahal ng iba, Taguro."

Nakangiwi akong nagkibit-balikat. **"Eh, kung iyon na lang ang paraan na meron ka, eh, di..."** Tumitig ako sa mga mata niya, nangunot ang kaniyang noo at galit na tumitig sa 'kin. **"Magpakamatay ka na."**

"Taguro..."

"O kaya naman ay sumama ka na lang kay Eerah, hanapin mo siya. Malay mo kaya hinayaan ng tadhana nang mangyare 'to para magkatuluyan kayo? Bagay naman kayo, eh, iisa lang ang gusto." 'Tsaka nawala ang ngisi sa mukha ko.

Siya naman ang ngumisi. **"Ang sakit mo nang magsalita ngayon, ah?"**

"Date na, Deib," kunot-noo kong sabi. **"Nabigyan ka lang ng panandaliang special treatment."**

"Taguro..." Lumapit siya at humawak sa mga balikat ko. **"Nakalimutan mo na ba 'yong pinagsamahan natin?"**

"Natandaan mo ba ang mga 'yon habang ginagago ako?"

Nangilid ang mga luha niya. **"Taguro..."**

"Bitiwan mo 'ko."

"Nakikiusap ako sa 'yo," bigla niya akong niyakap kaya nagpumiglas ako.

"Bitiwan mo 'ko!" angil ko at saka siya sapilitang inilayo. **"Nababaliw ka na ba? Kapag sinabe kong bumitaw ka, bumitaw ka!"** singhal ko. **"Dahil sa oras na 'to ay hinde na 'ko magdadalawang-isip na saktan ka."**

"Maxpein, are you okay?" Hindi ko naramdaman ang mabilis na paglapit ni Lovemir.

"I'm okay," iniiwas ko ang akma niyang paghawak sa pisngi ko.

"Umalis ka, nag-uusap pa kami," baling ni Sensui kay Lovemir.

"I can stay here," pagmamatigas naman nito.

"Kaunting respeto."

"What do you know about respect, Deib Lohr?" nakangising ani Lovemir.

"Shut up."

"Ikaw dapat ang tinuturuang rumespeto, ikaw ang nagloko."

"I said, shut up, Lovemir. Hindi ka parte ng relasyon na 'to, lumayo ka sa 'kin kung ayaw mong masaktan."

"A woman's heart is not a toy, Deib Lohr. Anyone who treats it as such is not a man, but a boy," nakangising pang-iinsulto ni Lovemir, nang walang ano-ano ay sinapak siya ni Sensui.

"Deib!" awat ko pero walang nangyari.

Hinablot ni Sensui ang kwelyo ni Lovemir at saka magkakasunod na sinapak ito. Hindi lumaban si Lovemir, nakangisi pa habang tinatanggap nang tinatanggap ang kamao ni Sensui.

"Ito ba ang ipinagmamalaki mo?" pasigaw na ani Sensui. Nakaturo na siya kay Lovemir nang mag-angat ako ng tingin. **"Siya ba ang dahilan kaya gano'n kadali na lang para sa 'yo na talikuran ako, Taguro?"**

"Kung sasabihin ko bang "oo", titigilan mo 'ko?" tiim-bagang na tanong ko. **"'Wag mo nang pahirapan ang sarili mo, Deib, dahil mas magiging masakit sa 'yo kapag pinakiusapan pa kitang itigil 'to."**

"Hindi mo sinasagot ang tanong, Taguro." Seryoso siya, nagtatangis ang mga bagang. **"Siya ba ang dahilan kung bakit gano'n na lang kadali sa 'yo na kalimutan ako?"**

"Hinde," agad kong sagot. **"Mahirap kang kalimutan kaya pinadali ko,"** makahulugang sabi ko. Gaya ng inaasahan ay mukhang hindi na naman niya 'yon nakuha. **"Umalis ka na,"** utos ko 'tsaka ako bumaling kay Lovemir. **"Let's go,"** anyaya ko.

"Hindi ko kaya," nangibabaw ang tinig ni Sensui sa likuran namin dahilan para matigil kami sa paglalakad ni Lovemir. **"Nasasaktan ako, Taguro. Nahati na ang puso ko, dinudurog mo pa."**

Umatras ako at saka humarap sa kaniya. **"Puro puso mo na lang ang iniitinde mo, eh, 'no? Anong akala mo sa puso ko, bato?"** sinabi ko 'yon sa mismong mukha niya. 'Tsaka ako ngumisi. **"Pulutin mo 'yong ilang piraso ng durog mong puso, 'tsaka mo ipamigay sa mga babae mo."**

"'Wag mo gawing biro ang puso ko, Taguro." Seryoso na siya.

"'Buti nga ako, biro lang, eh. Ikaw, naglaro."

"Taguro--"

"Pare, tama na," pigil ni Lovemir sa kaniya. **"Tara na,"** hinawakan niya ako sa braso at inakay.

Pero hindi pa man kami nakalalayo nang hablutin ni Sensui ang braso niya at muli siyang sapakin. Nag-init ang ulo ko at pilit na pumagitna sa kanila. Nang hindi mahinto si Sensui ay ako ang humablot sa kwelyo niya at saka siya sinapak.

Hindi siya natinag sa lakas niyon. Nanatiling nakabaling sa kanan ang mukha niya, ang paningin ay nasa baba. Nagawa niya munang hawakan ang pisngi niyang sinapak ko bago ako dahan-dahang nilingon. Tumitig siya sa 'kin, wala akong mabasa na emosyon sa mukha niya, lalo na sa kaniyang mga mata.

Kunyari siyang natawa. **"Hindi ko inaasahan na darating uli ang pagkakataon na masasapak mo ako."** Ngumisi siya 'tsaka sumeryoso. **"Pasensya na kung ipinilit ko pa ang sarili ko,"** mahinang aniya, iyong ako lang ang makaririnig. **"Hinding-hindi na mauulit."** 'Tsaka niya kami tinalikuran.

Pinanood ko siyang maglakad papalayo, pero hindi ko rin iyon kinaya. Ako rin ang kusang nagbaba ng tingin.

I'm sorry, Sensui...

~To Be Continued. . .~

OceanofPDF.com

CHAPTER 212

CHAPTER 212
MAX'S POV

Mabilis na lumipas ang mga araw, linggo at buwan. Hindi ko halos napansin iyon dahil itinutok ko ang buo kong atensyon sa pag-aaral. Totoong maraming kailangan na gawin, bukod sa projects, thesis at major exams ay may Proficiency Exam pa kaming pinaghahandaan. Hindi iyon ganoon kadali, halos mabaliw ako sa mga araw na dumaraan. Halos ipagpaliban ko ang pagkain dahil nanghihinayang ako sa mga segundong papatak habang kumakain ako nang walang nababasa, naaaral o nagagawa.

Hindi ko inaasahang mapaninindigan ni Sensui ang kaniyang sinabi. Hindi naman sa inaasahan kong lalapit pa rin siya, nakakapanibago lang. Lumipas ang ilang buwan nang wala akong naririnig sa kaniya. Hindi ko siya nakikita at hindi ko rin siya maramdaman. Wala rin akong balita tungkol sa kaniya. Ni isa sa mga madalas kong makasama ay hindi nababanggit ang pangalan niya. Hindi rin ako naglalakas-loob na magtanong.

Alam kong hindi lingid sa kaalaman ng mga nakapalibot sa akin na hiwalay na kami ni Sensui. Halata naman dahil ni isa rin sa mga ito ay hindi na nagtatanong. Sa t'wing may pagkakataon na mababanggit ang pangalan niya, pare-pareho silang ilag kung tumingin sa akin. At pilit nilang hindi ipinaririnig sa akin ang pangalan at pinag-uusapan nila tungkol kay Sensui.

Aaminin kong hindi siya nawawala sa isip ko, parang oras-oras sa araw-araw ay parati ko siyang naaalala. Pero wala akong magawa, kaya hinahayaan ko na lang. Maging ang natitira kong lakas ng loob para sa kaniya ay napapalitan ng hiya.

Sa nakalipas din na ilang buwan ay nararamdaman at napapansin ko ang panlalamig ni Naih sa akin. Hindi ko na lang iyon pinagtuunan pa ng pansin dahil pare-pareho kaming abala sa iba't ibang gawain. Nalalapit na ang graduation at pare-pareho na kaming walang oras na pwedeng sayangin.

Hindi na nga kami magkandaugaga sa paggawa ng projects at thesis, pati ang pagre-review sa exams ay isinasabay rin namin.

Maging ang mga ipinag-uutos sa akin ay kinailangan kong kalimutan nang panandalian. Naiintindihan naman ng pamilya kong kailangan ko rin ibuhos ang buong atensyon at oras ko sa mga nalalabing panahon ko bilang high school. Hindi ko maitago ang excitement, nararamdaman ko na ang papalapit nang papalapit kong diploma. Na ilang taon kong pinangarap makuha.

Pero sa t'wing maiisip ko ang sitwasyon sa 'min ni Sensui ay nabubura ang tuwa, saya at excitement ko. Nalulungkot ako. Hindi maganda ang sitwasyon namin no'ng siya ang grumaduate, hindi ko inaasahang ganito pa rin ngayon.

Hindi pala 'yon gano'n kadali. Kahit na kasi para sa akin ay ako ang higit na nasaktan, sa huli ay ako pa rin pala ang magdudusa. Nasasaktan ako dahil sa sitwasyon namin, na walang kasiguraduhan kung maaayos pa ba.

Sinisikap kong pigilan na 'wag siyang isipin, ibinubuhos ko ang lahat sa mga ginagawa ko. Iyon na lang kasi ang tanging paraan na meron ako para mapanindigan ko ang mga sinabi ko.

"Baka ikaw ang maging valedictorian niyan?" nadinig ko ang tinig ni Lovemir.

Kasalukuyan akong nasa field, nakahiga sa ilalim ng puno at doon nagbabasa. Walang klase, wala ring practice ng sayaw kaya doon ako tumambay.

"Malapit na ang exam, eh."

"Dinalhan kita ng meryenda." Inilapag niya ang isang mamon at juice.

"Salamat."

"Ano ang kukunin mong course sa college?" tanong niya habang ngumunguya.

"Nursing? BS Bio? Alinman sa dalawang 'yan." Isinara ko ang hawak na libro 'tsaka ako naupo sa tabi niya. Nagsimula akong kumain. **"Gusto ko talagang maging doktor."**

"Nice. Kung gano'n ay kailangan mong maipasa ang Science sa Proficiency Exam. Pero bakit 'yon ang gusto mong kunin?"

Ngumiwi ako. **"Marame akong gustong malaman tungkol sa katawan ng tao. Pero higit sa lahat ay gusto kong malaman kung baket at paano nagkakasakit ang isang tao. 'Tsaka ko sila tutulungan na gumaling."**

Tumango siya. **"Ang lalim."**

"Ikaw?"

"Ako?" patanong niyang sagot 'tsaka tumingala sa langit. **"Ang totoo ay hindi ko alam,"** nakangiti niyang sabi. **"Hindi ko nakikita ang sarili ko sa kahit na anong posisyon sa mundong ito. Minsan nga naiisip ko, baka maaga akong mamamatay."** Tumawa siya.

Natigilan ako at matagal na napatitig sa kaniya. Naiwang nakamaang ang labi ko. At nang hindi ko magawang sumagot ay taka siyang lumingon sa akin. Napailing ako at nag-iwas ng tingin.

"Madalas kitang mahuli na nakatingin sa akin, Maxpein. Dapat na ba kitang sagutin?" biro niya.

"Tss." Nag-iwas ako ng tingin.

Pakiramdam ko ay nawalan ako ng gana sa kinakain. Paano kasi ay natatandaan kong sinabi ko rin iyon kay Sensui. Hindi ako natigilan dahil naalala ko si Sensui, kundi dahil pareho kami ng naiisip ni Lovemir. Hindi man eksakto ang pagkakapareho nang sinabi namin, pareho naman ng laman.

"Maxpein?"

"Hm?"

"Ano ang nagustuhan mo sa akin?"

Naihinto ko ang pag-inom, muntik ko nang masamid. Gulat akong napalingon sa kaniya. **"Ano?"**

Natawa siya. **"Biro lang."**

"Tss. Mag-aral ka na nga."

"Tapos na 'ko, eh. Tuturuan na lang kita?" aniya na kinuha ang libro.

"Alam ko na lahat 'yan," nakangiwi kong sabi. Natawa naman siya.

Dahil nga umiwas sa akin si Naih ay lumayo ako, para naman hindi mahirapan ang mga kaibigan namin sa sitwasyon naming dalawa. Halata kasing hindi malaman nina Migz, BJ at Michiko kung kanino sasama. Mula noon ay si Lovemir na ang madalas kong makasama. Kamalas-malasan nga lang na hanggang ngayon ay wala akong nalalaman sa kaniya. May minsan pa nga na gusto ko nang sumuko, pakiramdam ko kasi ay masyado siyang magaling magtago. Marahil ay alam niya ang motibo ko sa paglapit sa kaniya kaya mas naglilihim siya.

Nilingon ko si Lovemir nang hindi na siya magsalita. Nakatingin siya sa kung saan at hindi maintindihan kung nakangisi o natatawa lang. Nilingon ko rin ang tinitingnan niya, tumuwid ang likod ko nang makita ko si Sensui. Totoong sa nakaraang mga araw ay noon ko lang uli siya nakita.

At hindi ako makapaniwala na nakikita ko siyang nakangiti habang kausap ang mga kaklase niya. Natural na natural ang ngiti niya. Masayang-masaya.

Napangiti ako nang hindi ko namamalayan, pero hindi iyon umabot sa mga mata. Nararamdaman ko sa puso ko kung gaano akong nananabik na makita siya. Isa ring dahilan kung bakit dito ako tumambay ay nagbabaka-sakali akong makikita ko siya.

Kahit saglit lang...

"Ayaw kong magtanong pero...hindi na ba kayo nagkaayos niyang boyfriend mo?" tanong ni Lovemir.

Nilingon ko siya, nakatingin pa rin siya kay Sensui. Matagal bago niya ako nilingon. Hindi ako nakasagot, napabuntong-hininga na lang ako at nag-iwas ng tingin.

"Hindi naman sa nangingialam ako pero... sayang." Nakangiti na siya sa 'kin nang lingunin ko. **"Sayang kayo."**

"Bago ka manghinayang ay ako muna ang nanghinayang. Pero hindi ako ang nagsayang." Pinilit ko ring ngumiti 'tsaka palihim uling tiningnan si Sensui. Nang hindi ko matagalan ang pagtitig sa kaniya ay 'tsaka ako nagbaba ng tingin.

"Lahat ng taong mamahalin natin ay sasaktan tayo, Maxpein. Sa maliit o sa malaking bagay man. Kailangan lang nating makahanap ng isang tao na handang humingi ng tawad kahit nasaktan ka pa."

Napailing na lang ako sa haba nang sinabi niya. Nakukuha ko ang punto niya. Iyon naman siya, malalim pagdating sa ganitong usapan. Pero hindi ko maiwasang maramdaman uli ang pagkakapareho namin.

"When you love someone, you're giving that person the right to hurt you. Love is a feeling and so as pain. It's a combination. You felt pain because you felt love."

"Tss. Binigyan ko siya ng karapatang saktan ako pero hinde ko sinabeng abusuhin niya 'to."

Narinig kong bumuntong-hininga si Lovemir. **"People come into our lives for a reason, Maxpein. And you will never be able to replace them if they left."**

"Baket mo sinasabe 'to?" kunot-noong tugon ko.

Ngumiti siya. **"It's not the mistake that matters, Maxpein. Measurement has nothing to do with your relationship so stop measuring your pain and his mistake. It's how you deal with it, and**

what you learned from it. You're not learning, not at all, when you gave up."

"Baket mo ba sinasabe 'to?" inis kong pag-uulit.

"Dahil alam ko ang motibo mo." Sinabi niya iyon habang deretsong nakatingin sa mga mata ko.

Naramdaman kong nawala ang pagkakakunot ng noo ko. Nawala ang inis ko. Nablangko ang buo kong mukha. Gusto kong mapahiya pero hindi iyon nangyari.

"Gusto mo lang siyang iiwas sa gulo. Ayaw mo siyang mapahamak, tama?" dagdag niya. Hindi ako nakapagsalita. **"At kaya ka dumidikit sa akin dahil sa tingin mo ay ipinararating ko sa mga kaaway ninyo ang sitwasyon sa paligid ko."** 'Tsaka siya ngumisi.

Matagal akong napatitig sa kaniya pero hindi ko pa rin nagawang magsalita. Wala akong pakialam kung malaman niya iyon. Pero hindi ko inaasahang ganoon kabilis niya iyong makukuha na para bang alam niya na mula nang simula.

"Sa kagustuhan mo na itama ang lahat, sinasaktan mo ang taong mahal mo. Ang ginagamit mong dahilan ay iyong pagkakamali na nagawa niya. Pero hindi mo alam, sumosobra ka. Sinasabi ko ito para magising ka. Baka isang araw magulat ka na lang, wala na siya?"

"Stop." Hindi ko naitago ang pangungunot ng noo ko. Agad na nabuhay ang galit sa dibdib ko dahil tama ang sinasabi niya.

"Hindi na kita pipiliting paniwalaan o pagkatiwalaan ako," aniya habang nakatingin sa mga kamay. 'Tsaka niya ako nilingon. **"Kikilos na lang ako hanggang sa magkusa kang magtiwala at maniwala."**

Sa inis ko ay iniwan ko si Lovemir sa field, pumasok na ako sa classroom. Hindi ko na siya kinausap pa pero hindi naman ako galit sa kaniya. Hindi na nawala pa sa isip ko ang sinabi na 'yon ni Lovemir. Nagpapaulit-ulit iyon sa isip ko hanggang sa masaulo ko. Pakiramdam ko ay palpak na ang lahat at wala na akong magagawa para magtago pa. Gusto kong mahiya na hindi ko maintindihan.

Kung gano'n ay alam niya na pala? Baket wala siyang ginagawa?

Matapos ang klase ay nagpaalam na akong mauuna kay Lovemir. Madalas ko man siyang makasama ay hindi ko hinahayaang magkasabay kami papauwi. Kahit naman iniiwasan ko si Naih, alam kong hindi niya inaalis ang paningin sa akin. Nakabantay pa rin siya at palihim na isinusumpa ang mga kilos ko.

Pero hindi ko inaasahang habang naglalakad ako papalabas ng campus ay magkukrus ang landas namin ni Sensui. Talagang kapag hindi ko inaasahang makita siya ay doon ko siya nakikita, tulad kanina. Madalas man akong tumambay sa field sa pagbabaka-sakali na makita siya, kanina ay hindi na ako umasa. Dahil sa nakalipas na mga araw nang hindi siya nakikita, nawalan na ako ng pag-asa.

Mukhang hindi niya ako nakita, abala siya sa katitingin sa mga hawak na papel at libro. Wala naman sa sariling napahinto ako at napaiwas ako ng tingin nang lampasan niya lang ako. Pero agad din akong nag-angat ng tingin nang makita ko sa gilid ng aking mga mata na huminto siya.

Umatras siya nang kaunti 'tsaka lumingon sa 'kin. **"Hey, hi."** Natural ang ngiti niya.

Pinalis ko ang pagkakakunot ng noo ko. **"Oh. Kumusta?"**

"Ayos naman, busy lang," nakangiwi niyang sabi. Tumango ako at hindi nakapagsalita. **"Ingat."** Muli siyang ngumiti 'tsaka ako tinalikuran.

Sinundan ko siya ng tingin. Inabala niya uli ang sarili sa pagtingin sa mga hawak na papel habang patuloy na naglalakad papalabas. Hinintay kong makalabas siya sa gate bago ako nagpatuloy sa paglalakad. Mabagal, nakapamulsa, nag-iisip at parang wala sa sarili.

Kaya niya na nang wala ka, Maxpein. Kaya niya na.

Gusto kong mangiti, pero may matinding emosyon na pumipigil sa 'kin. Parang alam ko na kung ano ang pakiramdam niya no'ng ako ang nasa sitwasyon niya.

Eksaktong humarurot sa harapan ko ang kotse niya nang makalabas ako. Nakita kong hindi niya man lang ako pinagkaabalahang lingunin kahit alam niyang magkasunod lang kami.

Tinanaw ko pa ang kotse niya hanggang sa mawala iyon sa paningin ko. Biglang bumigat ang pakiramdam ko, mas pinababagal ang pagkilos ko.

"Happy holidays." Nangibabaw ang tinig ni Lovemir sa likuran ko. Gulat pa akong napatingin sa kaniya.

"Yeah, happy holidays," tugon ko. Hindi na ito nagtanong tungkol sa pag-uusap namin kanina, kung bakit bigla ko na lang siya iniwan o kung galit ba ako sa kaniya.

"So I guess I'll just see you again next year?" nakangiti pa ring aniya, tinitingnan ang kabuuan ng mukha ko. Tumango ako. **"Just call me if it's necessary, but you can also do that even if you don't need me."** Ngumisi

siya. **"Be careful,"** aniya na humawak pa sa manibela ko bago tinapik ang balikat ko at lumayo.

Pinanood niya akong imaniobra ang motor ko at saka i-start 'yon. Nagtanguan pa kami bago ako umalis sa parking lot. Hindi ko alam kung bakit nando'n pa siya gayong alam ko na naunang lumabas sa akin si Lovemir. Hindi ko magawang ituon sa kaniya ang atensyon ko. Masyado na akong naging okupado ang isip ko dahil kay Sensui. Pero kahit gano'n ay nagawa kong magmaneho pauwi sa bahay.

Nadatnan ko sina Maze, Maxrill at Maxwell sa sala pagkapasok ko. **"Ano ang nangyare?"** tanong ko matapos sulyapan ang tatlo. Nakita kong ngumuso si Maxrill at nagbaba ng tingin. **"Ano na namang kalokohan ang ginawa mo?"**

"Tsh. Ipinatawag ako ni Dean Enrile." Si Maxwell ang sumagot, lumapit naman ako sa kanila. **"Nagrereklamo na ang ilan sa mga lecturers ni Maxrill dahil wala na raw ginawa kundi kumain at mamigay ng pagkain sa mga kaklase niya. Nagugulo ang klase nila."**

Kunot-noo kong nilingon si Maxrill. **"Baket mo ba ginagawa 'yon?"** Imbes na sumagot ay lumapit ito kay Maze at nagtago. **"When will you grow up, Maxrill? 'Yan ang magiging kahinaan mo."**

"I don't understand why you're getting mad," lalo itong ngumuso, sinamaan kami ng tingin ni Maxwell. **"I don't have a failing grade! Food helps, Noona. It feeds my brain that's why my grades are high!"**

"Pero hinde dapat sa loob ng klase ginagawa 'yon. At baket kelangan pang mamigay habang nagkaklase? Pwede mong gawin 'yon bago o matapos ang klase. Walang magrereklamo sa 'yo kung hinde ka nakakagulo at umaabuso. Tigilan mo nga 'yang pag-iisip bata mo, high school ka na."

"..." Hindi siya nagsalita nang malakas, panay lang ang ginawang pagbulong ni Maxrill habang may kinukutkot sa likuran ng ina nito.

"Bawasan niyo ang baon niyan," ani Maxwell.

"Oh!" matindi ang reaksyon ni Maxrill.

"Simula ngayon ay beinte pesos lang ang baon mo. Bahala na ang yaya mo sa lunch at meryenda mo." Nasa tinig ni Maxwell ang awtoridad at alam ni Maxrill na wala siyang magagawa kapag ito na ang nagsalita.

"Pumasok sa practice room," utos ko.

"But I'm tired!"

Sinamaan ko siya ng tingin. **"Walang pasok bukas, marame kang oras para magpahinga."**

"Mom," bumaling ito sa ina. Wala namang nagawa si Maze kundi ang tingnan siya na para bang sinasabing sumunod na lang. **"Why are you doing this? Why are you punishing me?"** mangiyak-ngiyak nitong singhal, tinalikuran ko lang siya.

Pagkapasok pa lang ay ibinato ko na sa kaniya ang gloves. Naiharang niya ang parehong kamay sa ulo bilang pag-ilag. 'Tsaka kunot-noong tiningnan ang mga gloves nahulog sa sahig. Masama na ang tingin niya sa akin nang lingunin ako.

"Why did you do that?" paasik niyang tanong.

Hindi ko na siya sinagot at sa halip ay bigla ko siyang sinugod. Nagmadali siyang pulutin ang mga gloves at nagkukumahog tumakbo papalayo. Hindi siya magkandaugaga sa kasusuot niyon, pinagpapalitan ang tingin sa akin at sa gloves. Naghabulan kami hanggang sa makita ko siyang maisuot ang mga iyon.

Eksakto namang bumukas ang pinto at pumasok si Maxwell. Tumakbo si Maxrill papalapit dito at nagtago. **"Hyung! Hyung! Hyung! She's going to kill me, hyung!"** sumbong niya.

Itinulak naman siya papalapit ni Maxwell sa akin. Nakanganga niya itong pinangunutan ng noo 'tsaka aligagang lumingon sa akin. Iniamba niya ang parehong kamay na may gloves, nag-aabang sa pag-atake ko. Naglakad ako papalapit, mabagal hanggang sa bumilis. Umatras naman siya at litong-litong tumingin sa mga mata ko.

"What are you doing, Noona? Noona! Noona! Noona!" aniya na nagtatakbo na naman papalayo.

Naglakad ako papaikot sa kaniya hanggang sa mapalayo siya sa gawi ni Maxwell. Nasisiguro ko kasing kapag natakot siya ay tatakbo siya papalabas ng kwartong iyon. Sinadya kong mapunta siya kung nasaan ang mga gamit. Sa isip ko ay kinakausap ko siya, inuutos kong gamitin niya ang alinman sa mga gamit na naro'n.

"Let's bring out the best in you," sabi ko at saka ngumisi.

Sinugod ko siya, inaasahan kong tatakbo siya papalayo kaya naman patalon akong sumampa sa cabinet at umikot sa ere. Maganda ang naging bagsak ko sa harapan niya na siya ring ikinagulat niya. Swabe, gustong-gusto ko kapag hindi gumagawa ng ingay ang aking mga paa matapos tumalon.

"You can't just run away, Maxrill. You have to fight." Sinugod ko siya uli matapos sabihin 'yon.

Umikot siya bilang pag-iwas at pagharap niya ay nakaamba na ang arnis sa akin. Napangisi ako. Hindi ko man lang namalayang nabunot niya iyon nang ganoon kabilis.

"You will regret this, Noona!" masamang-masama ang mukha na aniya. Pinigilan ko namang matawa.

Sumugod siya at agad naman akong umilag, nakaharang ang pareho kong braso sa dibdib habang iniiwasan siya. Yuko dito, yuko doon ang ginawa ko dahil masyado siyang mabilis bagaman walang control sa paghampas, paghataw at pagpalo.

Hindi ko siya tinigilan kahit pa nagagalit siya sa t'wing tinatamaan. Mas gusto ko kapag lumalaban siya at gumaganti, nalalaman kong meron siyang ibubuga. Alam kong may kakayahan din si Maxrill, hindi niya pa lang alam kung paanong gamitin dahil masyado pa siyang bata at bukod doon ay isip-bata. Wala siyang ibang inaatupag kundi ang maglaro at kumain. Hindi bale nang wala siyang kaibigan basta meron siyang pagkain.

"I'm going to attack you now," banta ko. Hindi niya inaasahan na pagharap ko ay dalawang maliliit na espada na ang gamit ko. Itinapon ko iyon sa ere, pasikat, at pabaliktad na hinawakan. Nasa akin ang talim.

Hindi ko inaasahang lalo siyang magagalit kaya naman nang sumugod ako ay bigla rin siyang umatake. Nagsangga ang espada ko at ang arnis niya. Naglabanan kami ng lakas, ngingisi-ngisi ako habang nagtatangis naman ang mga bagang niya sa inis.

Sinalya ko ang siko niya 'tsaka ako nagkaroon ng pagkakataong itulak siya. Pero matibay ang kapatid ko, hindi pa man tuluyang napapaatras ay bigla na uli siyang sumugod. Mas napangisi ako nang hampasin niya ako sa mas malakas nang paraan. Patuloy pa rin sa pagsanggaan hanggang sa hindi inaasahan ay bigla niya akong tinamaan. Hindi lang isa kundi limang magkakasunod na beses nang hindi ko magawang makailag agad. Nang mapaupo ako at umatake siya ay pinagkrus ko ang espada para sanggain ang parehong arnis niya. Sa sobrang lakas ng paghampas niya ay gumagawa ng ingay ang mga arnis sa ere. Nakasangga ko siyang itinulak hanggang sa makatayo ako. Muli siyang sumugod at naglaban ang mga gamit namin.

Lumipas ang ilang minuto nang panay ang pagsugod niya. Sunod-sunod naman ang pag-iwas ko na siyang mas ikinagagalit ni Maxrill. Paano kasi

ay halatang napapagod na siya pero hindi niya na uli ako magawang tamaan. Nang magkaroon pa ako ng pagkakataon sa pag-iwas ay bigla akong bumaba at paikot na pinatid ang mga paa niya. Agad siyang tumimbawang pahiga at patalon na tumayo muli. Sa pagsugod niya ay agad niya akong tinamaan sa isinangga kong braso, gano'n na kabilis ang kilos niya dahil sa galit at inis. Muli siyang humugot ng isa pang arnis at sinugod ako. Nang wala akong maatrasan ay gumulong ako paiwas sa gawi niya. Ngunit parang laro ang nangyari nang sunod-sunod niyang ihampas ang arnis sa goma na sahig habang hinahabol ako, patuloy naman ako sa paggulong.

Doon nag-init ang ulo ko. **"Ya!"** singhal ko. Sumasakit na ang ulo ko pero para akong gulong sa kagugulong dahil wala siyang hinto sa paghampas.

"What!" pasinghal niya ring tugon! **"What! What! What! What! What!"** patuloy niya akong hinahabol ng palo gamit ang arnis! **"Grr! Run, Noona! Run!"**

Aissh! Mas binilisan ko pa ang pagtakbo dahilan para mahagip ng paningin ko ang nakaupo at tatawa-tawa lang sa gilid na si Maxwell. Tumakbo ako sa gawi niya at hindi niya inaasahang tatalon ako at ipapatong ang pareho kong kamay sa kaniyang balikat. Itinuon ko ro'n ang bigat ko dahilan para patalon akong mapunta sa kaniyang likuran at siya ang aksidenteng mahampas ni Maxwell ng arnis.

"Bwahahahahahaha!" danglakas ng tawa namin ni Maxrill.

Tumayo si Maxwell. **"You want to die?"** aniya na dinuro si Maxrill.

Nawala ang ngiti sa mukha ni bunso at napalitan agad iyon ng takot. Nagsimulang umabante si Maxwell dahilan para umatras ito. Bumilis ang paglapit ni Maxwell dahilan para kumaripas ng takbo si Maxrill. Tatawa-tawa ko silang pinanood bago ako sumugod.

Mayamaya lang ay pareho na kaming inaatake ni Maxwell ngunit hindi rin nagtagal iyon dahil sa huli ay ako na ang pareho nilang inaatake. Kaliwa't kanan ang pagsangga ko dahil naging mas mabilis ang pagkilos nila. Hindi ko iyon inaasahan dahil para sa akin ay kalaro lang sila. Pero hindi ko maiwasang matuwa, sa gano'ng paraan ay nakikita ko ang kakayahan ni Maxrill. Na dapat ay noon ko pa lang tiningnan, noon ko pa sana inaral at inilabas. Para kaming mga bata na naghabulan sa buong practice room. Gayunman ay nakita kong pumasok sina Daddy, Maze, Mokz at Chairman Moon.

Pumalakpak si Maze dahilan para mahinto kaming tatlo. **"Snack time."**

Pabatong binitiwan ni Maxrill ang mga arnis at mabilis na tumakbo. Naabutan naman siya ni Maxwell at mabilis na hinila sa likuran ng t-shirt. Hinila niya si bunso papalapit sa amin.

"Diyan ka magaling, kumain." Sinamaan siya ng tingin ni Maxwell.

Sumama ang mukha ni Maxrill at bigla siyang pinagsusuntok. Tatawa-tawa namang umiwas si Maxwell at hinuli ang mga kamay niya 'tsaka siya inakbayan. Sabay silang naglakad papalapit sa ina, sumunod naman ako.

"Kumusta ang apo ko?" nakangiting tanong ni Mokz.

Ngumiwi ako. **"Mahina,"** mayabang kong sabi.

Agad akong nilingon ni Maxrill. Nakangisi ko siyang nilingon pero agad ding nawala ang ngising iyon nang makita kung gaano kalaking mamon ang nasa bibig niya. Agad na kumunot ang noo ko.

"Wala talagang tigil 'yang bibig mo, 'no?" inis kong sabi. **"Tss. Kaya hinde tumataba, malikot pa sa daga."** Kumuha ako ng isang basong juice at agad na tinungga iyon.

"Maxwell, dito ka sa New Year's eve?" tanong ni Maze, agad na tumango ang anak. **"Good, we're complete. Darating sina Heurt, I invited them."** Sa akin siya tumingin.

"Mabute naman, makikita ko si Kev," ngumiti ako. Hindi ko naiwasang maalaala ang mga nangyari dahil sa kaniya. **"Ipapakilala kita kay Kev,"** baling ko kay Maxrill na parang na-trauma dahil umiiwas pa rin habang masama ang tingin. **"May kalaro ka na,"** nakangiting dagdag ko pa. Nagliwanag naman ang mukha niya.

"Is he forgiven?" nakangiting tanong ni Maxwell.

Ngumiwi ako. **"I forgive others quickly as fast as I expect them to forgive me. Besides, I forgive them even if they're not sorry,"** mayabang kong sabi.

"Really? That's ironic," sarkastiko niyang tugon, tumaas ang kilay ko. **"Is your boyfriend forgiven?"**

"Shut up." Nainis ako bigla. Tumalikod ako sa kanila at pinulot ang mga gamit. Tiim-bagang ko iyong ibinalik sa kinalalagyan. Narinig ko silang natawa, lalo lang tuloy akong nainis.

"Maxpein, come here." Tinawag ako ng Chairman, agad naman akong sumunod. **"For you."** Iniabot niya sa akin ang isang regalo.

"What's that, Noona?" agad na lumapit si Maxrill at sininghot-singhot ang kahon na hawak ko.

"Ano ba?" singhal ko.

Nakanguso siyang umayos ng tayo. **"I'm just checking what's inside."**

"You're not checking, you're smelling it, dork!" gusto ko siyang kotongan.

"For you, Maxwell, and this one is for you, Maxrill," nakangiting ani Chairman dahilan para mapirmi ang isip-bata.

"Wow!" talaga namang halos isigaw ni Maxrill ang pagkamangha bagaman wala pa man siyang nakikita. Sininghot niya rin ang karton, nagbabaka-sakaling pagkain iyon, bago binuksan. Pinanood nang lahat ang reaksyon niya. Naglapat ang mga labi ko nang mapasinghap pa ng hangin si Maxrill nang tuluyang makita ang laman ng kahon. **"Oh!"** Hindi siya humihinga habang dahan-dahang kinukuha ang laman niyon.

Napailing ako at nag-iwas ng tingin. **"Umayos ka nga?"** inis kong sabi.

"What are you fussing about, Noona!" naiinis na talaga si Maxrill, natawa na lang ako. **"Tamagotchi!"** anunsyo na para bang hindi namin 'yon nakita.

"Tss."

Hindi ako pinansin nito, tumakbo siya papalapit sa Chairman at yumakap dito. **"Gamsabnida, Hwejang-nim!"** Tumango pa siya dito.

"And there's more," anang Chairman 'tsaka itinuro ang pinto.

Nakangiti ang Chairman pate sina Daddy, Maze at Mokz. Kaming tatlong magkakapatid naman ay sabay-sabay na napalingon sa pinto. Lumapit si Maxrill doon at binuksan ang pinto. Pare-pareho kaming nagulat nang makita ang maliit at mataba na Siberian Husky. Nakaupo at nakalawit ang dila, nakatabingi ang ulo at nakatingala kay Maxrill. Napakaganda ng kulay niyon, lalo na ng mga mata nitong asul.

"Oh!" hindi makapaniwala si Maxrill. **"Oh, annyeong, Nun Ah!"** nabigyan niya agad ito ng pangalan.

"Maxrill, it's a he," ani Maxwell.

"Oh, Hee Yong!"

"What?" inis na singhal ni Maxwell. Isinunod kasi ni Maxrill ang pangalan ng aso sa tawag niya sa amin. Noona at Hyung na ibig sabihin ay Ate at Kuya.

Niyakap iyon ni Maxrill, agad naman siyang dinilaan ng aso kaso napangiwi ako. Mabilis siyang tumakbo at pagbalik ay may dala ng tubig sa planggana, pinanom agad ang aso.

"His name is Hee Yong," ani Maxrill sa puntong Koreano, tumango-tango pa sa aso. **"Hee Yong del Valle-Moon! Hee Yong. Hee Yong-Yong-Yong-Yong! Welcome to the Moon family!"** tuwang-tuwa niyang ginulo ang balahibo nito sa ulo.

Napabuntong-hininga ako at binuksan ang regalo ko. Mabilis na nangunot ang noo ko nang makitang Tamagotchi rin iyon! Nilingon ko si Maxwell, hindi nalalayo sa akin ang reaksyon niya. Nang silipin ko ang kabubukas niya lang na regalo ay isa rin iyong Tamagotchi. Nagkatinginan kami at naiinis na nilingon si Chairman Moon. Pero libang na libang ito sa panonood kay Maxrill.

"Diyan siya magsisimulang maging responsible." Natinag kami sa sinabi ng Chairman. **"Panoorin natin siyang magbago,"** tatawa-tawa pa niyang dagdag. Napapailing na lang akong bumuntong-hininga.

"It's getting late, mag-dinner na tayo," ani Maze na nagpaalalay kay daddy papalabas ng practice room.

Sumenyas naman ako sa kanilang susunod na lang. Nag-ring ang cellphone ko, si Dein ang tumatawag. Sandali pa akong napaisip bago ko sinagot 'yon. Sa gilid ng isip ko ay humihiling kong wala naman sanang masamang nangyari.

"Oh, Dein?" sagot ko.

"Maxi!"

"Mrs. Enrile?" natitigilan kong sabi. **"Yes, Mrs. Enrile?"** pinasigla ko ang boses ko.

"Oh, I miss you so much! Kailan ka dadalaw sa amin?"

Napakamot ako sa ulo. **"Pasensya na ho, naging busy kase ako. Alam niyo na, graduating."**

"Hindi ba't vacation naman na? Dumalaw ka naman dito. Please?"

"Sige ho, kapag me' oras. Sa ngayon kase ay inilalaan ko rin ang bakasyon sa pamilya ko," pagdadahilan ko, ayaw ko mang maging iba ang dating niyon ay parang hindi ko naiwasan. Nahiya tuloy ako.

"It's okay, I understand. Alam ko namang hindi mo rin kami matitiis at dadalaw ka rin dito one of these days. Anyway, Dein would like to talk to you."

Mayamaya lang ay si Dein na ang nasa linya. **"Hi, Max! See you on January 1!"**

Kumunot ang noo ko. **"Anong meron?"**

"Hindi ba nabanggit sa 'yo ni Zarnaih?"

"Ang alen?"

"May post-New Year's celebration kami sa January 1 ng gabi, punta ka, ah? Nandoon ang lahat ng friends namin ni Deib Lohr kaya be there! Isama mo ang mga kapatid mo. Okay?"

"Ah, sige, sige," tumango pa ako.

"May exchange gifts na magaganap, mag-ready ka! Hehehe! 'Yon lang! We miss you, bye!" Pinutol niya na ang linya.

Magaan na ang pakiramdam ko nang makalabas sa practice room. Nagkani-kaniya na naman ng puwesto. Si Maxwell ay dumeretso na sa study room at nagsimulang makipagbuno sa mga libro niya. Si Maxrill naman ay agad na ipinalinis ang kwarto niya sa katulong, doon daw nito patutulugin si Hee Yong. Katulong niya si Mokz na gumawa ng temporary na tulugan ang tuta. Nangako naman si Chairman Moon na sasamahan siyang mamili ng mga gamit ng tuta bukas na bukas. Syempre, ang kapalit niyon ay ang pagtitino niya sa pag-aaral.

"Hindi ka ba nahihiya kay Maxpein? Bahay nila 'to at nakikituloy lang tayo, Zarnaih," dinig ko ang mariing bulong ni Yaz, natigilan ako sa pagpunta sa dirty kitchen.

"Alam naman na ng pamilya niya kung baket kame ganito, kinausap ako ng daddy niya. Sa hule ay sinabe nilang intindihin ko na lang si Max. Alam kong me' mga pinagkakaabalahan siya at hinde niya pwedeng sabihin sa 'kin 'yon. Pero, ate, gusto ko siyang matuto. Hinde sa lahat ng oras ay siya ang tama. Kung hinde ko gagawin 'to, siya ang mambabale-wala sa 'ken."

"You're friends, right? Hindi ba't dapat nga ay nandoon ka sa tabi niya para suportahan siya sa lahat?"

"Oo. Pero hinde sa maling ginagawa niya. Baket ko siya susuportahan kung hinde na tama ang mga kilos niya? Ate, sinasaktan niya si Deib porke sinaktan siya. Sabihin na nateng labas ako ro'n kase relasyon naman nila 'yon, ang naiinis ako, eh, panay ang dikit niya ro'n ke' Lovemir. 'Yon ang hinde ko maintindihan, eh!" Hindi nakapagsalita si Yaz sa haba ng sinabi ni Naih. **Hinde malaman kung nagmamaganda lang ba siya, lumalande o pinagseselos lang si Sensui. Nakakaawa na 'yong tao! Biruin mo, ang sabe ni Lee sa 'ken ay suko na raw si Deib? Grabe!"**

"Sinabi niya 'yon?"

"Oo! At hinde ako makapaniwala! Grabe, si Sensui? Ay jusko! Si Sensui 'yon! Patay na patay 'yon ke' Max, tapos sumuko?"

"Sshh, 'wag kang maingay at baka may makarinig sa atin."

"Ganiyan tayong mga tsismosa, eh, 'no? Ilag sa tao. At dito lang talaga tayo nagkakasundo, ate. Bilisan mo na diyan kase humihilab na ang tiyan ko. Akala ko kanina natatae lang ako, gutom pala 'to. In fairness, ako lang ang maganda na hinde tumataba, ah?"

DUMAAN na naman ang mga araw nang wala akong ginawa kundi ang abalahin ang sarili ko sa pag-aaral. Kahit napakarami ko nang nabasa ay hindi pa rin nagbabago ang pakiramdam ko, parang wala akong alam. Mas dumalas ang pagpasok ni Sensui sa isip ko. At sa dumadaang mga araw na hindi ko siya nakikita ay para akong unti-unting nanghihina at naghihintay na lang ng kamatayan.

Hindi nawawala sa isip ko ang imbitasyon ni Dein. May kung ano sa akin na hinihiling na bumilis pa ang pagdaan ng mga araw hanggang sa dumating ang araw na iyon.

Natinag ako pagkababa nang may makasalubong akong may edad nang ginoo. Kasabay itong papasok ni Mokz at huminto lang sa paglalakad nang makaharap ako. Maganda ang ngiti ng ginoo, tumango agad ako.

"Hello, Maxpein Zin," bati ng ginoo sa akin.

Natitigilan akong napalingon kay Mokz. **"This is Atty. Jose Ernesto Lott, Sr., ang attorney natin."**

Nakipagkamay ako sa ginoo. **"Nice to meet you, attorney."**

"It's nice to see you again."

"Ihahatid ko na lang muna siya sa opisina ng Chairman, may mahalaga silang pag-uusapan."

Tumango uli ako sa abogado, hindi nawala ang magandang ngiti nito sa 'kin hanggang sa iwan ako. Hindi ko matandaan kung nakita ko na ba siya, sa kilos at pananalita niya ay mukhang hindi na ito ang unang beses na nakita niya ako.

Gaya ng mga nakaraang araw ay naghagilap ako ng magagawa sa buong araw na iyon. Natapos ko nang aralin ang mga libro at notes ko. Oras na para magpahinga naman ako. Matatapos na ang taon na ito sa isang gabi, Biyernes, sa Lunes ay may pasok na uli. Hindi ko pwedeng sagarin ang mga araw sa pagbubuno sa pag-aaral. Baka mabaliw na ako, at walang maisagot sa mismong araw ng exam ko.

Nagpaalam akong pupunta sa mall nang araw na 'yon. Gamit ang kotse ni daddy ay dumeretso ako sa Pavilion para mamili ng ipangreregalo ko sa pamilya ko sa bagong taon. Pero sa parking lot pa lang ay natigilan na ako dahil sa pamilyar na sasakyan sa aking tabi. Ang kotse ni Sensui.

Agad akong napalingon sa mall at namalayan ko na lang ay nagmamadali na akong pumasok. Mabilis kong iginala ang paningin ko, biglang tumindi ang kabog sa dibdib ko. Naririnig ko ang tibok ng puso ko, maging ang paghinga ko.

Where are you?

Natagpuan ko ang sariling hinahanap ito. Parang nakalimutan ko ang pakay ko sa mall nang isa-isahin ko ang bawat botique, fast food chain, restaurants at kung ano-anong pwesto na naroon. Maging ang bawat banyo na madaanan ko ay hinihintuan ko, nananatili ako ng ilang minuto ro'n. Pero wala akong nakitang Sensui.

Hanggang sa ako rin ang mapagod. Sa sobrang bilis kong maglakad, at dahil sa kapapalinga-linga ko ay bigla na lang akong huminto sa gitna ng dinaraanan ng mga tao. Yumuko ako sa mga tuhod ko at doon humugot nang malalim na hininga. Pinagpahinga ko ang sarili ko.

Ngunit ganoon na lang ang gulat ko nang mag-angat ako ng tingin, nang umayos ako ng tayo, ang taong hinahanap ko ay narito mismo sa harapan ko.

"Sensui..." Wala sa sarili kong naibulong.

Nakakunot ang noo niya habang nakatingin sa akin. Bahagyang nakaawang ang mga labi at mukhang nakangiwi, parang may kung ano siyang nginunguya sa loob ng bibig. Pinagkrus niya ang mga braso, mabagal, bago ako tuluyang hinarap.

"Am I being followed here?" pormal niyang tanong.

Napatikhim ako. **"No,"** napapailing kong tanggi, hindi makatingin sa mga mata niya. **"No. Of course not,"** muli pa akong tumikhim bago nag-angat ng tingin sa kaniya.

"Do you want to join me?"

"Ha?"

"Mamimili ako ng ireregalo sa pamilya ko."

"Ako rin," iniwasan kong mautal.

"You can join me if you want to." Ngumisi siya. **"Para naman hindi ka mapagod sa kahahanap sa akin."**

Kanina niya pa ba ako nakikita? Tss. **"Sige,"** wala sa sariling sabi ko.

Pero hindi niya ako hinintay, nauna siyang maglakad. Napabuntong-hininga ako at namulsa 'tsaka ako sumunod sa kaniya. Gaya ng dati, kaliwa't kanan ang babaeng lumilingon at tumitingala sa kaniya, ilang saglit pa ay pagbubulungan na siya ng mga ito na animong kinikilig pa. May ilan pa na sinasadyang sundan siya, kami, at sasamaan ako ng tingin na para bang katulad nila ay sinusundan ko lang din si Sensui.

"Ang gwapo niya, napakagwapo!"

Paulit-ulit ang papuri ng mga babae, naagaw nila ang atensyon ng iba dahilan para mapatingin din ang mga ito kay Sensui. Hindi ako makaramdam ng inis, hindi rin naman ako natutuwa. Masyado akong abala sa sarili kong nararamdaman, pakiramdam ko ay bahagya akong nasasaktan sa hindi maintindihang dahilan.

"May bibilhin ako dito." Huminto si Sensui sa harap ng men's perfume botique. **"Baka may bibilin ka sa ibang stores?"** itinuro niya ang mga nakapalibot na brands.

"Ah, sige," itinaas ko pa ang kamay ko pero hindi na iyon nakita, mabilis niya akong natalikuran para pumasok doon.

Napapahiya kong ibinaba ang kamay ko, naipunas ko pa yung sa batok ko 'tsaka ako luminga sa ibang botique. Noon ko lang uli naalala kung ano ang pakay ko, at iyon ay ang bumili rin ng ipangreregalo. At dahil wala akong nairegalo sa pamilya ko nang nakaraang taon ay kailangan kong mas mag-effort ngayon.

Ang mahirap sa may kayang pamilya, meron na sila ng lahat ng bagay. O kung hindi naman ay kaya nilang bilhin ang mga iyon. Kaya napakahirap na humanap ng regalo kapag ganitong may mahahalagang okasyon. Nauubusan ako ng ideya kung ano ang mga dapat kong ibigay sa kanila.

Nilingon ko si Sensui, abala pa rin siya sa pamimili ng perfume. Napaisip ako kung may pwede ba akong pagregaluhan ng pabango, pero bukod sa akin ay wala nang may ibang gusto na umaalingasaw sa bango. Imported ang mga perfume ni Maxwell, sa ibang bansa talaga nanggagaling ang mga iyon at ayaw niyang bumibili rito. Si Maxrill naman ay amoy bagong ligo lang parati. Si Maze ay may koleksyon ng perfume, si daddy naman ay kontento na sa kung ano ang gamit niya. Kaya wala akong mapagbibigyan ng pabango kahit gusto kong pumasok sa botique na iyon at samahan si Sensui na mamili.

Pero hindi rin nagtagal at lumabas din siya. **"Oh, nakapamili ka na ba?"** tanong niya at saka tiningnan ang mga kamay niya. **"Wala ka pang**

nabibili?"

Napakamot ako sa ulo. **"Hinde ko alam kung ano ang bibilhin ko, eh."**

"Tch. Baka gabihin ka niyan?" aniya at saka nanguna uling maglakad. Apat na paperbag ang bitbit niya, naisip kong baka para kina Chairman, Dean, Mr. Enrile at Randall ang mga iyon.

Umakyat kami sa sumunod na floor at doon ay may nakita akong book store. **"Dito na muna ako,"** paalam ko dahilan para mahinto siya sa paglalakad.

Naglakad siya papalapit sa 'kin, para akong nabuhayan na hindi ko maintindihan. Sinilip niya book store 'tsaka tumango. **"Sige, babalikan na lang kita diyan,"** mabilis niyang sabi at agad din akong tinalikuran.

Sinundan ko lang uli siya ng tingin, panay ang lingon niya sa kaliwa't kanan habang naglalakad nang mabilis. Nang makita ko siyang pumasok sa isang botique na nasa hilera rin ng book store ay 'tsaka ako pumasok.

Pumunta ako sa section ng medical books. Inisa-isa kong tingnan ang mga libro, naghahanap ako ng libro na hindi ko pa nakita sa bookshelf ni Maxwell. Natatandaan ko rin ang ilan sa mga libro na madalas niyang hiramin sa library kaya naman hindi ako nahirapan sa pagtitingin. Naka-lock ang cabinet kung nasaan ang mga librong 'yon kaya kailangan ko pang humingi ng assistance. Iyong libro na may kinalaman sa surgery ang binili ko. May kasama iyong CD kung saan mapapanood ang ilang operasyon. Makakapal ang mga iyon at tatlong piraso agad, kaya naman iyon pa lang ang nabibili ko ay nabibigatan na ako.

Nakangiti ko iyong binayaran sa cashier habang palinga-linga kung nakabalik na ba si Sensui. Wala pa rin siya kaya naman dumeretso na lang ako sa botique kung saan ko siya nakitang pumasok kanina. Pero hindi ko siya nakita, nagtataka akong lumabas at muli siyang hinanap sa iba pang kalapit na botique at mga store.

Matapos ang ilang minuto ay natigilan ako nang makita ko siya sa harap ng Japanese store. Nakatingala siya sa gilid na harapan niyon at walang mababasang emosyon sa mukha. Nang tingnan ko ang tinitingnan niya ay sandali akong natigilan, poster iyon ng Yakult pero ang pangalan ay nakasulat sa letra ng mga Hapon. Kahit hindi ko mabasa ay nasisiguro kong Yakult iyon. Pareho kaming natigilan nang bigla siyang bumaling paharap sa akin.

"Nakapamili na ako," binasag ko ang katahimikan. Iniangat ko pa ang bitbit kong plastik. Pero hindi na siya nagsalita at sa halip ay nanguna na

lang uli sa paglalakad, syempre, sumunod na naman ako.

Ang sumunod na store na pinasok niya ay para sa mga bata. Nasisiguro kong para kay RD naman ang bibilhin niya ngayon. At dahil walang bata sa pamilya namin, bukod sa bagong tuta ni Maxrill na itinuturing na ring kapatid nito, ay hindi ko na naman magawang sumunod papasok doon. Luminga ako sa mga katabing stores, wala akong napiling pasukin. Hanggang sa mapalingon ako sa likuran at makakita ako ng petshop.

"Good morning, Ma'am!" agad na bati sa akin ng babae, tumango lang ako at nagsimulang magtingin.

Binilhan ko ng imported goods si Hee Yong, dahil parte na ito ng pamilya ay kailangang may regalo din sito. Bukod doon ay binilhan ko ito ng laruan na buto at leash. Hanggang ngayon ay masama ang loob ni Maxwell na ganoon ang ipinangalan ni Maxrill sa tuta. Sa t'wing nasa bahay siya ay ayaw niyang maririnig ang pangalan ng tuta, lalo na kapag tinatawag din siya ni Maxrill.

Papunta na sana ako sa store kung saan naro'n si Sensui nang agad akong matigilan. Nakita ko siyang nakikipagtawanan sa babaeng assistant ng store. Hindi niya gawain iyon, masyado siyang masungit para pansinin ang mga iyon. Halata naman sa babaeng crew na kilig na kilig ito dahil sa magandang ngiti ni Sensui sa kaniya.

Kunot-noo akong pumasok sa store, napilitan lang akong ngumiti nang lingunin ako ni Sensui. **"Nakabili na ako,"** ipinakita ko ang panibagong plastic bag na bitbit ko.

"Iyan na ba lahat ang kailangan mo?" kaswal niyang tanong.

"Hinde pa, marame pa akong bibilhin."

"Okay, mamimili lang ako ng para kay RD."

Lumapit ako kay Sensui, nararamdaman ko ang paningin sa amin ng babaeng assistant. **"Maganda kay baby 'yong makukulay na bagay,"** sabi ko na sadyang ipinarinig sa babae. Nakita ko itong napalunok at saka kakamot-kamot sa ulong lumayo sa gawi namin.

Sinunod ni Sensui ang suhestyon ko. Mayamaya lang ay pareho na kaming naglalakad at muling naghahanap ng store. Set of jewelry ang binili ko para kina Maze, Heurt, Naih at Yaz. Limited edition na shades ang binili ko para kina Daddy at Maxrill, napilitan akong bilhan ulit si Maxwell. Bagong computer games ang binili ko kay Mokz, wala kasi siyang oras para mamili ng mga iyon at nasisiguro kong hahalakhak siya sa tuwa. Maging sina Kev, Bree at Dainty, pati na rin ang tatay ng mga ito ay binilhan ko ng

mga damit bilang regalo. At ang pinakasimpleng nabili ko ay isang mug na ibibigay ko sa Chairman. May hitsurang barrel iyon, ganoon sa lalagyan ng mga alak noong sinaunang panahon. Kahoy ang labas, babasagin naman ang loob. Natural, makapal iyon pero napakaastig tingnan. Lalong naging astig iyon dahil sa nakaukit doon, *I Love You, Lolo.*

Hindi ko pa siya natawag ng lolo noon, maski isang beses. At naisip kong sa pamamagitan niyon ay magawa ko man lang iyon.

"Gabi na," ani Sensui matapos naming mamili.

Sa haba ng sinabi niya ay iyon na lang ang naintindihan ko dahil hindi ako magkandaugaga sa kasusunod sa kaniya. Natigilan siya nang lingunin ako, noon niya lang nakita kung gaano akong nahihirapan. Masyado akong nalibang sa kasusunod, katitingin at kapapamili ng ipanreregalo. Naaliw rin kami ni Sensui sa kapapanood na balutin ang mga regalo. Hindi ko namamalayang dumarami at bumibigat ang mga bitbitin ko. Namumula na ang mga kamay ko at malayo ang kinaroroonan namin sa exit ng mall.

"Okay ka lang?"

Bigla akong tumuwid ng tayo. **"Oo, ayos lang,"** pagsisinungaling ko.

"Gusto mo bang kumain muna ta--?"

"Oo!" agad kong sagot, nagliliwanag ang mukha ko. Agad na nangunot ang noo niya kaya umarte akong humihimas sa tiyan. **"Nakalimutan kong mag-lunch."** Totoo namang hindi ako nakapag-lunch.

"Okay," aniya na tinalikuran ako.

Bumagsak ang mga balikat ko. Kung dati-rati kasi ay pagagalitan niya ako kapag nalaman niyang hindi ako kumain. At dati-rati ay ayaw niyang nagbubuhat ako.

Iba ang dati sa ngayon, Maxpein. Nasa nakaraan ang dati, nasa kasalukuyan ka at ngayon iyon.

"This restaurant okay with you?" tanong niya sa harap ng Russian restaurant.

"Oo, ayos na ayos," sabi ko bagaman wala akong nalalaman sa pagkain ng mga Russian. **"Wooh, sarap,"** sabi ko matapos maupo. Pakiramdam ko ay pinagpapalo ako sa hita at paa dahil sa sobrang sakit ng mga iyon.

Hindi ko inaasahang walang kanin doon at halos lahat ay cakes at pancakes. Hinayaan ko siyang umorder, makalipas ang ilang minuto ay isinerve sa amin ang apat na klase ng cake: Strawberry Cheese Cake, Blueberry Cheese Cake, Spartak Cake at Espresso Cream Chocolate Cake.

Bukod doon ay may dalawang Chicken Giant Russian mean kung tawagin ng server. May green apple din kami na drinks.

"Ang dami," halos matunog ang naging pagngiti kong sabi.

Tumaas lang ang gilid ng labi niya at saka nagsimulang kumain. Hindi ko inaasahang magiging malamig ang pagitan namin sa pagkain. Wala siyang kibo, tutok lang sa pagkain. Kaya naman kahit panay ang pasimple kong sulyap sa kaniya ay itinuon ko na lang din sa pagkain ang atensyon ko.

"Ang sarap nito," tumatango-tango ko pang sabi, gaya kanina ay tumaas lang ang gilid ng labi niya.

Masasarap ang cakes, hindi iyon ganoon katamis. Alam niyang hindi ako mahilig sa cakes pero iyon pa rin ang in-order niya, gusto kong mainis. Pero mas pinili kong pigilan iyon dahil ayaw kong sirain ang maayos namang mood. Hindi ko nga lang nagustuhan ang Chicken Giant Russian Mean na inorder niya. Chicken meat ang pinaka-main filling, may kasamang lettuce, mushrooms at cream cheese, at binalutan ng pancake. Kakaiba ang lasa at nangingibabaw sa lasa niyon ang paminta kaya hindi ko masyadong nagustuhan. Masyado ring malambot.

Hindi kami nagmadaling kumain, matagal kaming nanatili roon. Hindi namin naubos ang lahat, halos nakalahati lang naming pareho ang mga cake, nakakatuwa na pinagsaluhan namin ang mga iyon. Gaya ko ay hindi niya rin naubos ang Chicken Giant Russian Meal niya. Sa kauna-unahang beses ay pumayag ako na may matira sa pagkain namin.

Nagbayad siya at agad na kinuha ang mga gamit niya matapos namin. Agad akong nagmadaling bitbitin isa-isa ang mga pinamili ko para mahabol ko si Sensui.

Pero agad akong natigilan at muling napaupo nang lapitan ako ng server. **"Here's your bill, Ma'am."**

"Ha?" gulat kong sabi na agad tiningnan ang bill holder na hawak nito. *Hinde niya ba binayaran ang kinain ko?* Napamaang ako at napapahiyang tumitig sa server. **"Sorry,"** sabi ko 'tsaka muling inalis sa kamay ko ang mga paperbags. **"Here, thank you,"** napapahiya ko uling sabi.

Napapikit ako sandali, napabuntong-hininga 'tsaka inis na nilingon si Sensui. Nakatingala itong nag-aabang sa akin sa labas ng restaurant. Isa-isa ko uling isinabit sa kamay ko ang mga paperbags, pakiramdam ko ay mas bumigat ang mga bitbit ko ngayon kaysa kanina.

"Let's go?" anyaya niya nang makalabas ako. Hindi ko na nagawa pang sumagot dahil nauna na siya.

Habang papalapit kami sa entrance ay nakiramdam ako, parang umuulan na naman sa labas at mukhang malakas iyon. Wala akong dalang payong at medyo may kalayuan ang parking naming pareho.

Hindi nga ako nagkamali, halos hindi makita ang daan sa sobrang lakas ng ulan. Maraming tao ang nagkumpulan sa labas ng mall, gaya namin ay hindi makaalpas sa lakas ng ulan. Aksidente pa akong nabangga ng isa sa mga mamimili dahilan para mapaatras ako at hindi sinasadyang matapakan sa paa ang nasa likuran ko. Naitulak ako nito dahil sa gulat dahilan para muli akong tumama sa nasa harapan ko naman. Inis din akong itinulak niyon dahilan para matamaan ko naman ang nasa tabi. Para akong maliit na batang pinagpasa-pasahan, pinagtulak-tulakan. Humingi ako ng dispensa sa kabila nang pabulong na pagmumura ng natapakan ko. Napabuntong-hininga ako at tiningala si Sensui, kunot-noo lang niyang pinapanood ang pag-ampyas ng tubig-ulan.

"Naka-motor ka ba? Paano mo maiuuwi ang mga iyan?" tanong niya.

"Hinde, hiniram ko 'yong kotse ni daddy."

"I see," ngumiti siya. **"'Buti na lang bumili ako ng payong,"** aniya na inilabas bigla iyon mula sa pinamili. **"May kapote ka naman, 'di ba?"** kaswal niyang tanong.

"Ha?"

"Mauuna na 'ko, ah?"

"Sandale," pigil ko. Nilingon niya ako. **"Wala akong dala,"** nauutal kong sabi.

Natigilan siya. **"Saan ka ba naka-park."**

Napailing ako. **"Sa tabe ng kotse mo,"** nag-iwas ako ng tingin.

"Tch," pabulong niyang asik. 'Tsaka bumuntong-hininga. **"Akin na ang susi mo."** Ibinaba namin ang mga bitbit, agad ko naman iyong iniabot. **"Ako na ang magdadala nito sa kotse mo."**

Ganoon nga ang ginawa niya, pinagtiyagaan niyang bitbiting isa-isa ang mga pinamili ko sa kotse. Gusto ko pang matawa habang pinapanood siyang ingatan ang sarili sa pag-ampyas ng tubig-ulan habang paroo't parito. Maging ang mga gamit niya ay isinakay niya na rin muna sa sasakyan bago muling bumalik sa akin.

"Salamat," sabi ko.

Iniabot niya sa akin ang susi. **"Sige, ingat ka."** Iyon lang at iniwan niya na ako.

Bumagsak ang mga balikat ko, napamaang ako habang sinusundan siya ng tingin. *That's it? Hinde man lang niya ako inihatid sa kotse? Wow...* Napaiwas ako ng tingin, nakagat ko ang gilid ng pang-ibaba kong labi at saka napapikit sa inis. Napanood ko pa siyang paharurutin ang sasakyan papalayo sa lugar na iyon. Hindi siya bumusina gaya ng dati niyang ginagawa, at ang mas matindi pa ro'n ay hindi man lang niya ako nilingon.

Wala akong nagawa kung hindi ang panoorin ang malakas na ulan gaya ng ibang naro'n. Masamang-masama ang tingin ng kaninang natapakan ko na ngayon ay nasa tabi ko na. Panay pa rin ang bulong nito at kung hindi siya hihinto ay baka mapatulan ko siya. Pumangit bigla ang mood ko. Mukha akong tanga.

Humugot ako nang malalim na hininga, nakapikit ko iyong pinakawalan. Pakiramdam ko ay tutumba ako sa sobrang pagkaasar. Kapag ganito ang pakiramdam ko ay bigla na lang akong nananapak.

Pero natigilan ako nang mag-ring ang cellphone ko. Nagmadali akong kunin iyon, kung bakit pumasok sa isip ko si Sensui ay hindi ko alam. Pero agad akong nanlumo nang makitang si Maxrill iyon.

"Noona eodiesseo?" parang batang tanong nito, inaalam kung nasaan ako.

"Baket?" malamyang tugon ko.

"Dinner is ready, they're waiting for you. I ate dinner already, with Hee Yong!"

"Papauwe na 'ko." Ibinaba ko agad ang linya. Isisilid ko na sana uli ang cellphone nang may makita akong text. Dahil muli kong naisip si Sensui ay agad ko iyong binuksan. Pero muli lang ding bumagsak ang mga balikat ko nang makitang si Lovemir iyon.

One Message Received

Lovemir

Malakas ang ulan, kung lalabas ka ay huwag kang magpaulan. Magdala ka ng payong. Huwag kang magkakasakit.

8:18 PM

Inis kong isinilid ang cellphone at saka niyakap ang sariliko. Sumugod ako sa ulan na parang wala sa sarili. Kamalas-malasan pang hindi ko napansin ang sasakyang paparating. Muntik akong mabangga. Hihingi na sana ako ng dispensa nang makita kong iyong babaeng natapakan ko ang nagmamaneho niyon. Agad akong lumigid at sinadyang huminto sa bintana niya.

"Look where you're going, bitch!" singhal nito.

"Gusto mong butasin ko 'tong gulong mo?" mayabang kong sabi. Agad na nangunot ang noo niya. **"Go to hell,"** inis kong sabi 'tsaka nilampasan siya. *Badtrip!*

Nagmadali lang ako nang nasa harap na ako ng kotse. Sobrang lakas ng ulan! Pabato kong inilagay ang cellphone unahang upuan 'tsaka ko hinubad ang suot kong jacket. Piniga ko iyon sa ulanan 'tsaka pabatong inilagay sa likuran. Doon ko lang napansin kung paanong isinalampak na lang basta ni Sensui ang mga gamit doon. Gusto ko na namang mainis. Kung dati kasi ay paniguradong pantay-pantay pa sa pagkakasalansan ang mga iyon.

Damn it! Nahampas ko ang bubong ng kotse sa sobra kong inis. Aminado ako, alam ko ang nangyayari at kung ano ang ibig sabihin nito. Hindi ko lang sinasabi hanggang ngayon sa sarili ko.

Galit akong tumitig sa kung saan, pero sa loob ko ay nanlulumo ako at nanghihina. Humigpit ang pagkakahawak ko sa bubong habang nananatili sa ganoong sitwasyon na para bang walang malakas na ulan. Na para bang hindi ako nababasa. Na para bang hindi ako mabilis magkasakit.

Ang ibang nasasaktan ay nagpapanggap na wala nang pakelam, kahit meron pa naman. Ikaw ay nagpapanggap na meron pang pakelam, kahit wala naman na.

Inis kong nilingon ang parking ni Sensui kanina, muli kong nakagat ang sariling labi 'tsaka tinanaw ang daan na dinaanan nito. Nang makontento ay 'tsaka ako sumakay at pinaharurot ang kotse papalayo sa lugar na iyon.

"Oh, my God! Where have you been?" gulat na gulat na bungad ni Yaz sa akin, hindi ko na siya pinansin at hinayaan ko siyang kunin ang mga pinamili ko.

Nakatingala sa akin sina Maxrill at Naih, na mukhang nakikipaglaro sa tuta, nang makapasok ako. **"Baket naman basang-basa ka? Alam mo namang sakitin ka, 'di ba?"** mukhang nainis agad si Naih.

"Malakas ang ulan sa labas," sagot ko nang hindi siya tinitingnan.

"Kaya nga baket nagpaulan ka pa?" paasik niyang tanong. Sa inis ay nag-angat ako ng tingin sa kaniya, naglabanan kami ng masamang tingin.

"Zarnaih, ano ba? Kauuwi lang, 'di ba? Hindi ba pwedeng pagpahingahin mo muna?" awat ni Yaz na noon ay bumababa na habang bitbit ang towel. **"Here, ayusin mo ang sarili mo."**

"Salamat," sabe ko.

"Ano problema mo? Baket nagpaulan ka?" bumanat na naman si Naih.

Lalong nag-init ang ulo ko. Bigla akong tumayo na siyang ikinagulat niya. **"Wala kang pakelam!"** asik ko at saka pahablot na kinuha ang mga pinamili ko. Kung kanina ay bigat na bigat ako sa mga iyon, nabuhat ko nang walang kahirap-hirap ang mga iyon ngayon. Dahil marahil sa pinaghalong inis, galit at pagod.

MAGMULA nang gabing iyon ay naging mailap na ako sa lahat. Parang nawalan ako ng gana na magsalita lalo na ang makipag-usap sa kahit na sino. Pakiramdam ko kasi ay walang makakaintindi sa akin at lahat sila ay masama ang tingin sa akin. Na ako na naman ang nagkamali, sa akin lahat ang bunton ng sisi. Gaya nang nakaraan, napapansin iyon ng pamilya ko pero mas pinili ng mga ito na manahimik na lang at 'wag akong kuwestyonin. Batid kong nararamdaman nilang meron akong pinagdadaanan. Iniisip lang talaga nilang kayang-kaya ko iyong malampasan dahil malakas ako.

Parate na lang akong malakas. Tss. Kahit kelan ay hinde ko pa naranasang ako ang iligtas.

Maaga pa lang ay matindi na ang emosyon ko, bumabalot sa buong katawan ko. Ito pa naman ang huling araw ng taon, mukhang sira ang mood ko. Buong maghapon ay parang wala ako sa sarili, hindi ako sumabay sa pagkain kahit anong tawag nila sa akin. Nanatili lang ako sa kwarto at nanood ng magkakasunod na movie. At dahil noon ko lang iyon nagawa ay parang umayos-ayos ang pakiramdam ko.

Alas otso na ng gabi nang may kumatok sa kwarto ko. **"Maxpein Zin?"** tinig ni Chairman Moon iyon kaya dali-dali akong kumilos upang pagbuksan ito. Matagal siyang tumitig sa akin, sa kabuuan ko, bahagya pang nagtaka bago napilitang ngumiti. **"Pwede ba akong tumuloy?"** tanong niya na parang nandidiri na inilibot ang paningin sa kwarto ko.

Nakapatay ang ilaw at nagkalat ang mga gamit ko. Nagkalat ang nagamit ko nang damit sa kung saan-saan, nahuhubaran na rin ang kama. Maging ang pinamili ko noong nakaraang araw ay basta ko na lang itinambak sa sahig bagaman nakasalansan. Ang ilan sa pinagkainan ko ay nilalanggam na rin sa sahig na malapit sa pinto. Ang mga bote ng tubig ko ang siyang pinakamarami sa nakakalat. Maging sa ceiling fan ay may bote ng mineral water na walang laman. Makikita ang mga iyon dahil sa liwanag na mula sa labas, at mula sa TV.

Binuksan ko ang ilaw at pinatuloy ang Chairman. **"Pasensya na ho, aayusin ko na lang mamaya."**

Hinarap niya ako matapos igala ang paningin. **"May problema ba, Maxpein Zin?"** seryoso siya.

Umiling ako. **"Wala ho, Hwejang-nim."**

Nangunot ang noo niya. **"Hindi ko maintindihan, pakiramdam ko ay hindi ko na naman kilala ang Maxpein Zin na kaharap ko nitong mga nakaraan?"**

"I'm just enjoying my vacation, Chairman."

"In this way?" Iginala niyang muli ang paningin sa kabuuan ng kwarto. Napabuntong-hininga ako, napapahiya. Hinawakan niya ako sa magkabilang balikat. **"Kung gusto mo nang balikan si Deib Lohr, gawin mo."** Napatitig ako sa mga mata niya. **"Do what makes you happy, Maxpein. Huwag mong gumunin ang sarili mo sa sakit at kalungkutan kung alam mo naman kung saan ka sasaya. Huwag mong pagkaitan ang sarili mo na lumigaya."**

"Hinde na gano'n kadaling gawin 'yon ngayon, Chairman."

"Kung ganoon ay pagtulungan ninyo."

Nasapo ko ang noo ko at napailing. **"Ayaw ko na munang pag-usapan, Chairman."**

Napabuntong-hininga siya. **"Oh, sige, kung iyon ang gusto mo."** Hinawakan niya ako sa ulo, hinaplos ako sa buhok at bahagyang pinisil ang balikat ko. **"Kung ano man ang pinagdaraanan mo, nandito lang kami para gumabay at sumuporta sa iyo. Pasensya na kung iyon lang ang aming makakaya. Pero sana ay huwag mo kalimutan mahal kita, mahal ka namin, apo."** Ngumiti siya nang maganda, iyong ngiti niya na gustong-gusto kong makita. **"Marami kaming nagmamahal sa iyo."**

Wala sa sariling nayakap ko siya. Totoong noon ko lang iyon nagawa. Ngayon lang, na may isip ako. Kung nagawa ko man iyon noong bata ako ay hindi ko alam. Basta sa ngayon ay iyon lang ang gusto kong gawin. Naramdaman ko siyang ngumiti, humigpit ang pagkakayakap ko nang maramdaman ko siyang gumanti ng yakap.

Kumalas siya sa pagkakayakap sa akin. **"Ayusin mo na ang sarili mo, Maxpein Zin. Magbabagong-taon, huwag mong hayaan na lumipas ang taon na ito na ganiyan ang lagay mo. Hm?"**

Pagkalabas ng Chairman ay agad kong inayos ang mga gamit. Nagpatawag ako ng tauhan para tulungan akong magbaba ng mga basura.

Halos isa't kalahating oras kong nilinis ang kwarto ko 'tsaka palang ako nakakilos para maligo.

Eksakto namang namimili ako ng isusuot nang muling may kumatok. **"Maxpein?"** tinig ni Maze. Agad ko siyang pinagbuksan. **"Can I give you an early present?"** nakangiting aniya. **"I wouldn't take no for an answer."**

Ngumiti ako. **"Come in, Maze."**

Malaking box ang dala niya, talagang malaki dahil nasa isang dipa o mahigit pa iyon. **"Ang dinig ko kanina ay mala-talyer itong kwarto mo, ano ang nangyari? May dumaang malaking vaccuum?"**

"Tss." Natawa ako. **"What is it?"**

"Aissh," hinawi niya ang harapan ng paningin ko. **"Here, this is my early present. And I order you to wear it now."**

Matagal bago ko nagawang alisin ang paningin sa kaniya, nangiti kami sa isa't isa, bago ko iyon inilapag sa kama para buksan. Natigilan ako sa nakita. Isa iyong puti na dress na may itim na polka dots. Bukod doon ay may pinaghalong silver at white sandalas na may gigintuing palamuti.

"Huwag mo sana isipin na naniniwala ako sa pamahiin. Talagang nagustuhan ko lang ang design niyan," aniya.

Natawa ako at napailing. **"Thank you, Maze."**

Lumapit siya at hinaplos ako sa pisngi. **"I'll see you downstairs."**Tumango na lang ako at pinanood siyang lumabas.

Sa ikatlong pagkakataon ay may kumatok. Pero hindi gaya kanina, bigla na lang iyong bumukas at itinambad si Yaz.

"Aayusan na kita!" aniya. Napatitig ako sa kabuuan niya, sobra niyang ganda.

"You look perfect, Yaz."

"I know, right? So fetch!" malanding aniya. **"Syempre, first time kong makakasama si Maxwell ng New Year's eve. Kailangang prepared ako. Baka hindi matapos ang taon na 'to, mahalin niya rin ako."**

"Grabe," napailing ako.

"Magbihis ka na! Aayusan kita!"

Nagtaka ako sa mga ikinikilos nila. Nag-iba tuloy ang pakiramdam ko. Sumaya ako bigla at may kung ano sa dibdib ko ang umaasa. Umaasa na makita si Sensui. Pakiramdam ko ay darating siya ngayong gabi kaya ganito ang kaayos ang paligid ko. Pakiramdam ko ay nakaplano na ang lahat, pinakikilos na lang ako.

Nakangiti kong nilingon ang damit at pinagmasdan. Gusto kong matawa habang isinusuot iyon. Kahit kailan ay hindi ako nagandahan sa sarili ko suot ang kung anong dress. Pero sa t'wing sa bibig na nila nagmumula iyon, lalo na kapag kay Sensui, halos maihi ako sa tuwa. Hindi ko mapigilang maniwala.

Nagbihis ako namangha sa sarili ko. *Babaeng-babae... Tss.* Hindi ko maiwasang titigan ang sarili ko habang inaayusan ako ni Yaz. Pakiramdam ko ay party ko ito at hindi dahil sa bagong-taon.

Matapos ang mahigit isang oras ay sabay na kaming bumaba ni Yaz. Syempre, namangha ang lahat nang makita ako. Dalawang oras na lang at magbabagong-taon na. Nakahanda na ang lahat, naggagandahan at nagguguwapuhan sa mga suot nila. Natawa pa ako nang makita kong maging si Hee Yong ay naka-suit and tie. Napailing ako nang makitang kapares niya si Maxrill.

"Hello, my princess," lumapit si Maxwell.

"Oh, my God! Ako?" ani Yaz bagaman kitang-kita nang nasa akin ang paningin ni Maxwell.

Paismid siyang nilingon ng kapatid ko pero hindi sinagot. Nakangiti siyang bumaling sa akin. **"Hello, my princess,"** pag-uulit niya.

"Tss. Debut ko ba?" pasinghal kong tanong.

"Kapag nag-twenty one ka na, iyon ang debut mo," sarkastikong tugon ni Maxwell. Inakay niya ako papalapit sa lahat, isa-isa akong bumeso sa buong pamilya ko.

Natigilan ako nang magharap kami ni Heurt. Gulat akong napatingin sa suot naming pareho, na parehong-pareho! Nilingon ko si Maze na tatawa-tawa naman sa dulo. *Tss!* Pinanggigilan ko siya ng tingin 'tsaka sila sabay-sabay na natawa.

"Happy holidays," bati ko kay Heurt.

"Happy holidays," yumakap siya sa akin, naiilang pa. **"Kasama ko nga pala ang pamilya ko,"** aniya na itinuro ang mga ito.

Doon kami nagharap ni Kev na nakataas na ang gilid ng labi at kumikinang ang mga mata sa akin. **"Woi,"** tinanguan ko siya.

"Destiny," aniya sa marahas na tinig, nagbibiro. At saka siya lumapit upang yumakap sa akin.

"It's nice to see you again, brother," pabulong kong sinabi ang huling salita. Naramdaman kong natigilan siya. **"Welcome to the family."** Kumalas ako sa pagkakayakap sa kaniya at saka kami nagkamay.

"Hindi ko inaasahang maiiyak ako sa gabing ito," tatawa-tawang aniya na talagang nagpapahid ng mga luha.

"Loko!" tinapik ko siya sa braso.

"Seryoso, sa kabila nang nagawa ko, inayos mo pa ang buhay ko."

"Kaunting kalat lang naman ang nagawa mo," mayabang na sabi ko 'tsaka kami muling nagyakap.

Pinagtulungan nina Maze at Heurt ang paghahanda ng mesa, tumulong din si Yaz sa kanila. Sandali kong kinumusta si Dainty gano'n na rin si Bree. Sandali rin akong nakipagkumustahan sa tatay nina Kev. Nakakalakad na ito at ang balita ko ay umiigi na sa sakit na cancer.

Pumunta naman ako sandali sa kusina para uminom ng tubig.

"Baka gusto mo 'kong batiin? Gumagalaw rin ako at may kakayahang magsalita!" Biglang nangibabaw ang tinig ni Naih, mutik tuloy akong masamid.

Gulat ko siyang nilingon, bahagya siyang nakabukaka at magkakrus ang mga braso. Nakataas din ang kilay niya habang masama ang tingin sa akin. Gayunman ay ang ganda-ganda niya sa suot na bestida.

"Happy holidays," sabi ko nang hindi ngumingiti.

Nanlaki ang mga mata niya, namilog ang kaniyang bibig at mas sumama ang tingin. Doon ako natawa, kahit kailan ay OA talaga siya.

"Sira ka talaga! Bagong-taon na't lahat hinde ka pa rin nagbabago!" aniya na sumugod. **"Halika nga dito! Yakapen mo rin ako! Magkaibigan tayo, 'di ba? Yakapen mo rin ako, punyeta!"**

Natawa ako. **"May labintador ba 'yang bibig mo? Ang lakas, eh."**

"Psh! 'Wag mo 'kong inaano!" aniya 'tsaka yumakap sa 'kin nang mahigpit. **"Grabe, Max! Ngayon lang kita nakasama ng New Year!"**

"Ako rin naman."

"Happy New Year!"

"Wala pa."

"Alam mo, kameng matatalino--advanced! Happy New Year ulet! Hehehe!"

"Tss."

"Bate na tayo, ah?"

"Ikaw lang naman 'tong nang-aaway."

"Eh, pa'no! Nagmamaganda ka masyado!"

Kumalas ako sa pagkakayakap. **"Teka nga, ang ingay niyang bibig mo, eh."**

"Hinde ka pa ba nasanay?"

"Nasanay kase ko nang tahimik 'yan."

"Iniiwasan mo kase 'ko!"

"Baka ikaw?"

"Psh! Naiinis kase 'ko sa 'yo!"

"Eh, di sana ay sinabe mo."

"Me' nangyayare ba kapag nagsalita ako?"

"Kesa naman hinde ka nagsalita, wala ring nangyare. Maige nang nagsabe ka, baka sakaling hinde sa ganito nauwe."

"Napakarami mong dahilan! Tara na ro'n!" inakay niya ako papalabas sa sala kung nasaan ang lahat. **"Ano, me' regalo rin ba 'ko, ha?"**

"Putsa, 'yon lang yata habol mo, eh?"

"Wow! 'Ganda kong 'to, maghahabol sa regalo? Maske aso nga, hinahabol ako, eh! Ano, meron ba, ha?"

"Oo. Tss."

"'Yon! Dapat lang! Kase ako meron ding regalo sa 'yo."

"Talaga? Ano?" nakangising tanong ko.

"Isang bagay na wala ka."

"Ano nga 'yon?"

Naglabas siya ng kung anong biskwit mula sa bulsa. **"Pasencia!"**

"Ano?" asik ko.

"Isang balot ng pasencia!"

"Tss." Sinamaan ko siya ng tingin, humalakhak siya nang hard.

"Ikaw, anong regalo mo sa 'ken?"

"Friendship," sabi ko 'tsaka ko siya iniwan.

Mayamaya lang ay nagsimula na kaming kumain. Wala akong masabi sa sarap ng mga handa. Halos ang lahat ay tinitikman ko at tuloy-tuloy lang ang pagkain ko. At dahil abala ang lahat sa pag-uusap, hindi namin napansin ang pagpatak ng oras. Sampung minuto na lang ay matatapos na ang taon na ito. Nagsimula naming marinig ang sunod-sunod na putukan mula sa ibang bahay.

"Everyone!" inagaw ni Maze ang atensyon ng lahat. **"Let's end this year with a prayer! Please allow me to lead,"** aniya na tinipon ang lahat sa gitna ng sala.

Naging madamdamin ang prayer, halos naiyak ang karamihan dahil sa pagiging emosyonal ni Maze. Walang tigil sa kapapasalamat at paghiling na

maging ligtas kaming lahat.

Matapos niyon ay sabay-sabay kaming lumabas. Pinangunahan ni Mokz ang pag-aayos ng mga paputok. Inihilera niya ang mga fountain sa kalsada. Katulong ang stay-in na tauhan ay sinindihan nila iyon habang kami naman ay pasigaw na nagbibilang.

"Five!"

"Four!"

"Three!"

"Two!"

"One!"

"Happy New Year!" sabay-sabay naming isinigaw.

"Jump, Hee Yong! Jump!" dinig ko pang ani Maxrill.

"Happy New Year!" isa-isa kaming nagbatian at nagbeso, lahat kasama na ang mga tauhan. At mayamaya lang ay sabay-sabay na naming pinanood ang naggagandahang mga paputok.

Nakangiti akong tumingala sa langit at pinanood iyong gumawa nang magandang pasabog doon. Pinagliliwanag ang mga langit sa magandang paraan.

Ngunit kung paanong mabilis na napalitan saya ang lungkot ko kanina, mabilis ding napalitan ng lungkot ang saya ko ngayon nang maisip ko si Sensui. Ayos lang sa akin kung daraan ang bagong-taon nang hindi kami magkasama, pero dahil hindi maayos ang sitwasyon namin ay hindi ko makuhang maging masaya.

Akala ko ay makikita kita ngayong gabe, Sensui. Mukhang nagkamali ang pakiramdam ko.

Tiningnan ko ang cellphone ko, marami ang nag-text pero maski isa sa mga iyon ay walang nanggaling sa kaniya. Nagpunta ako sa numero niya, isang pindot lang at makakausap ko na siya pero hindi ko pa nagawa. Humigpit ang hawak ko sa cellphone at muli na lang iyong ibinulsa. Tumingala uli ako at hindi kapani-paniwalang nakita ko agad ang mukha niya sa mga palamuti na nasa ere at langit.

Hindi agad doon natapos ang gabi, naging mahaba kasi iyon. Walang-humpay ang kwentuhan naming lahat, panay ang tawanan dahil kina Mokz at Naih. Kaya naman ang lungkot na naramdaman ko ay agad na namang napalitan ng tuwa. Lalo na nang dumating ang oras kung saan magpapalitan na kami ng regalo. Hindi mawala-wala ang ngiti ko sa katatanggap, lahat kasi ng iyon ay nagustuhan ko. Lahat din sila ay tuwang-tuwa sa iniregalo

ko, lalo na si Chairman Moon. Ilang minuto na ang nakakalipas mula nang ibigay ko ang mug sa kaniya ay nakatitig pa rin siya ro'n.

"Salamat dito, Maxpein Zin. Ito na yata ang pinakamagandang regalo na natanggap ko," aniya nang lumapit ako.

Nakangiti akong tumitig sa mga mata niya. Wala pa man akong nasasabi ay nangilid na ang mga luha ko. Sa isip ko kasi ay naroon ang gusto kong sabihin na mula mismo sa puso ko. Ilang beses pa muna akong bumuntong-hininga at kumurap bago nakapagsalita.

"I love you, Lolo," halos pumiyok kong sabi. Agad niya naman akong niyakap, tatango-tango habang hinahaplos ang likuran ko.

"I love you, too, apo ko," emosyonal niya ring sabi, gumagaralgal ang tono.

Napakasarap sa pakiramdam, hindi matawaran. Hindi ko inaasahang magagawa ko iyong sabihin, kung tutuusin kasi ay para sa lahat ang okasyon na ito. Pero dahil sa sinabi namin ng Chairman sa isa't isa, pakiramdam ko ay isa sa amin ang nagdidiwang ng espesyal na okasyon.

Nakangiti pa rin kami sa isa't isa nang maghiwalay. Pero wala nang namutawing salita. Nakangiti ko siyang pinagmasdan na titigan muli ang mug na iyon. Umasta pa siyang umiinom kunwari doon at saka kami sabay na natawa.

MALALIM na ang gabi pero hindi pa rin ako makatulog. Panay ang ikot ko sa kama at kahit anong pikit ko ay hindi ako dalawin ng antok. Inis akong bumangon at lumingon sa side table. Alas tres y media palang. Ang lamig-lamig na ng panahon, ang lamig-lamig pa ng pakiramdam ko. Napabuntong-hininga ako 'tsaka yumuko sa mga braso ko.

Baket ba hinde ka mawala sa isip ko, Sensui?

Totoong siya ang nasa isip ko kaya hindi ako makatulog, kung bakit hindi ako inaantok.

Wala sa sariling bumangon ako at nagbihis. Namalayan ko na lang ay nagmo-motor na ako at tinatahak ang daan papunta sa kanila.

Gusto kitang makita, kahit sandali lang.

Gusto kong umatras nang makarating ako sa bahay nina Sensui. Patay na kasi ang mga ilaw at tahimik na ang paligid. Gaya sa amin, makalat sa harap ng kalsada nila, halatang may natapos na okasyon.

Nakakahiya naman kung mang-aabala pa 'ko. Napabuntong-hininga ako at agad na nanlumo.

Tatalikod na sana ako nang mapansin ko lumilipad na kurtina sa veranda ng isa sa mga kwarto. Bukas ang pinto roon. Bigla akong nabuhayan at nagdesisyong tumuloy. Iginala ko ang paningin sa kaliwa't kanan, walang tao. Ini-lock ko ang motor ko 'tsaka ako kumilos.

Sumampa ako sa sementong bakod at patalon na iniupo ang puwit ko sa semento ring haligi ng gate. Tahimik akong nakababa at saka ako nakayukong naglakad. Tininga ko ang kwarto, walang ibang makakapitan at matatapakan. Umatras ako upang kumuha ng bwelo. Patalon kong ibinanda ang paa ko sa mababang bahagi ng alulod 'tsaka ko pilit na inabot ang sahig ng veranda. Nagtagumpay ako pero agad akong nabigatan sa sarili ko. Mabilis akong humawak sa bakal at binuhat ang sarili ko.

Habol ko ang hininga nang sa wakas ay makapasok ako. Iyon pala ang guest room. Maglalakad na sana ako nang may marinig akong humihilik! Nang lingunin ko ay may kadilimang kama ay nakita ko si Dean Enrile. Nanlaki ang mga mata ko at saka ako nagmadaling lumabas ng kwarto.

Hawak ko ang dibdib kong hindi matahimik sa kaba habang naghahabol pa rin ng hininga. Nang kumalma ako ay 'tsaka ko tinitigan ang pinto ng kwarto ni Sensui. Huminga pa ako nang malalim bago ko hinawakan ang door knob. Nakahinga ako nang maluwang nang mabuksan ang pinto.

Gamit ang pinakamaingat kong kilos, pinasok ko ang kwarto. Naliwanagan ang mukha ni Sensui bago ko isara ang pinto, na mahimbing na mahimbing sa kaniyang pagkakatulog. Tahimik kong binuhat ang single couch at ipinuwesto iyon sa harap niya. Nang masanay ang paningin ko sa dilim ay 'tsaka ko naaninag ang mukha niya.

Napangiti ako. **"Happy New Year, babe."** Ganoon kabilis akong naging emosyonal. Mabilis na nangilid ang mga luha ko habang tinititigan ang mukha niya. Nagtuloy-tuloy lang ang pagluha, hindi ko alam kung saan iyon nagmumula. Pero hinayaan ko lang ang sarili ko, hanggang sa hindi ko namalayang nakatulog na pala ako.

"Tch."

Agad akong nagmulat nang marinig ko ang pamilyar na ekspresyon na iyon. Nanlaki ang mga mata ko nang makita si Sensui na deretso sa pagkakaupo sa kama, magkakrus ang mga braso at deretso ring nakatingin sa akin...nang masama. Dali-dali akong umayos ng upo, pinunasan ko ang mukha ko at napapahiyang nagbaba ng tingin.

"What are you doing here?" malamig niyang tanong.

Napamaang ako, walang mahanap na sagot. **"I'm sorry,"** nagbaba ulit ako ng tingin. *Tss! Nandiyan ka na, eh, batiin mo na! Tapos umuwe ka na.* Agad akong nag-angat ng tingin. **"Happy new year,"** halos mautal kong sabi.

Walang nagbago sa hitsura niya. **"Happy new year."** Tumayo siya, ganoon pa rin ang hitsura. Napatingala tuloy ako. **"Now, get out."**

"Ha?" gulat kong tugon.

"Get. Out."

"Deib..."

"Mom!" sigaw niya. Natutuliro akong tumayo. **"Mom!"**

"Woi, sige, aalis na 'ko," inis kong sabi.

"Get out," utos niya.

"I'm sorry," sabi ko at saka tinalikuran siya.

Eksakto namang pumasok si Mrs. Enrile. **"Anak..."** Gulat siyang napatingin sa akin. **"Maxi?"**

"Happy new year, Mrs. Enrile," hindi ko na siya nagawang tingnan sa mga mata, nanlalabo na ang paningin ko.

"Ah, wait...Maxi?" habol niya pero hindi na ako lumingon pa.

"What the hell is she doing here, mom?"

"I..." Nalilito si Mrs. Enrile. **"I didn't know she's here."**

Hindi ko na nagawa pang pakinggan ang usapan nila. Mabilis akong bumaba, nakasalubong ko pa si Manang na nagulat ding makita ako. Narinig ko pa siyang tinawag ako pero hindi na ako lumingon pa. Dali-dali akong lumabas at nagmaneho papalayo sa bahay nila.

CARGOSIN'S POV

"Kung gano'n ay talaga palang hiwalay na ang dalawa?" nakangising tugon ko sa ibinalita ni Christian. Pinaikot ko ang swivel chair papaharap sa kaniya. Ipinatong ko ang aking mga siko sa mesa, pinagsalikop ang mga 'yon 'tsaka iniharang sa bibig ko.

"At hindi ka maniniwala sa dahilan," ngumisi rin si Christian, naningkit ang mga mata ko. **"Si Eerah pa rin."**

Natawa ako. **"Kung ganoon ay epektibo nga ang kaniyang kagagahan? Mabuti naman."**

"At mukhang iniisip talaga ng mga Moon na tuluyan na tayong nawala sa kanilang landas."

"Mga inutil," ngumisi ako. **"Ang hindi nila alam ay nagpapahinga lang tayo, humahanap ng magandang tiyempo. Tumawag na ba uli si**

Taylor?"

"Hindi na," umiling siya, kumunot naman ang noo ko. **"Sa tingin ko ay nakuha na ang telepono sa kaniya. Gabi-gabi kung tumawag siya. Hindi na ngayon, isang linggo na."**

"Matinik talaga ang mga lintik na iyon."

"Kung ako ang tatanungin ay hindi na kataka-takang makuha ulit ang telepono sa kaniya. Nabanggit niya naman na noon na nahuli na siya. Natawa pa nga kaming pareho nang hindi iyon agad na binawi sa kaniya. Aliw na aliw siya sa babaeng Moon, kay Maxpein. Masyado raw mainit kapag kinakausap siya. Mainit ang dugo sa kaniya."

"Natural. Dahil wala silang mahihita kay Taylor. Hindi iyon magsasalita para ipahamak tayo. Hindi bale nang mapahamak siya, maprotektahan lamang ang ating pamilya."

"Lunch time." Natinag kami nang pumasok si Eerah. **"Bumaba na kayo, 'wag nating paghintayin ang daddy,"** aniya pa 'tsaka muling isinara iyon.

Mabilis kaming lumabas ni Christian, kasabay naming kakain ang ilang mga tauhan. Sa isang hotel sa Maynila, na pag-aari rin namin, kami nananatili. Doon kami nagdiwang ng bagong taon. Hindi kami pwedeng maglagi sa mansyon na tinutuluyan namin sa Laguna. Hindi kasi malabong mapuntahan kami ro'n.

"Kumusta si Lovemir?" tanong ko habang ang paningin ay nasa hinihiwang karne.

"Hindi pa siya tumatawag," sagot ni Eerah.

"Kung gano'n ay ikaw ang tumawag sa kaniya. We need updates, Eerah."

"Maybe he's busy."

"Hindi naman ganoon kahabang oras ang hihingin mo, Eerah. Walang pasok dahil bakasyon, marami siyang oras para makipag-usap sa atin. Tatanungin mo lang siya tungkol sa kilos ng mga Moon. Ano na ang kanilang plano?"

Nakangisi na si Eerah nang tingnan ko. **"Kung trinato lang siguro natin siya nang maayos, hindi tayo mahihirapang lapitan siya."**

"Hindi na dapat niya tayong pahirapan pa, Eerah. May obligasyon siya sa pamilyang ito. Sa huling pagkakataon maging kapaki-kapakinabang naman siya."

"Susubukan ko siyang tawagan bukas na bukas." Nawala ang nakakaasar na ngisi ni Eerah.

Nanatili na ang katahimikan hanggang sa matapos kaming kumain. Lumabas kami sandali kasama ang Chairman, nakipag-usap siya sa mga board members. Emergency meeting iyon kaya kahit na bagong-taon ay kailangang daluhan. Bumabagsak na talaga ang business namin. Walang namamahala nang ayos at ang ilan ay nandadaya pa, sinasamantala ang mga posisyon nila.

Nahampas ng Chairman ang mesa nang makabalik kami sa suit. Napapikit siya at saka sunod-sunod na humugot nang malalim na hininga. Nasisiguro kong magagalit na naman siya kaya bago pa man mangyari 'yon ay lumapit na ako.

"Dad, calm down," mahinang sabi ko, bagaman kabado.

Ngunit sa halip na sumagot ay umayos siya ng tayo 'tsaka natitigilang kinuha ang cellphone sa bulsa. Mukhang may tumatawag sa kaniya. Napatingin sa akin ang Chairman 'tsaka humugot nang malalim na hininga bago sinagot iyon.

"Yes?" Bahagyang lumayo ang aking ama. Pinanood ko naman siyang makipag-usap sa telepono. Ilang saglit pa ay lumapit na uli siya sa akin. **"Pinapupunta tayo ni Mr. Wood."** Minsan pa siyang bumuntong-hininga.

Nagkatinginan kami ni Christian, parehong napapailing at nagbaba ng tingin.

Wala kaming nagawa kundi ang magtungo sa kuta ni Mr. Wood. Mahigit tatlong oras ang byahe pero pare-pareho kaming tahimik nina Chairman at Christian. Lahat ay nag-iisip, lahat ay kabado.

Agad kaming sinalubong ng mga tauhan nang makarating doon. Hinarang kami ng mga ito sa mismong entrance nang mataas na bahay, halos ganoon sa mansyon namin. Ang pinagkaiba lang ay kulay puti iyon.

"Pangalan?" anang bantay.

"Rewis," sagot ng aking ama.

Kinapkapan kami ng mga tauhan na para bang may dala kaming bomba sa katawan. Maging ang maseselang bahagi kasi ng mga katawan namin ay kinapkapan nila sa loob at labas ng damit. Gusto kong pumalag, gusto kong magreklamo, pero hindi pwede.

Mas maraming tauhan ni Mr. Wood ang bumungad sa 'min nang makapasok kami nang tuluyan sa kuta. Sinabayan kaming maglakad ng apat

na lalaki, may malalaking katawan ang mga ito. Ganoon sa mga bouncer. Malalaki at matatangkad, mukhang may mga lahi.

May kadiliman ang lugar kaya may kabagalan din ang aming paglalakad. Kaliwa't kanan ang kwarto at nang silipin ko ang ilan sa mga iyon ay mukhang sugalan. May mga mesa sa loob at abala sa paglalaro ang mga tao gamit ang braha. Ang isa namang kwarto na nasilip ko ay may mga nag-iinuman, at may tatlong babae na halos nakahubad na at nagsasayaw sa harap ng mga ito.

Maingay, napakaingay. Madilim. Makipot ang daan pero maraming lusutan. Hindi na ako magtataka kung bakit ito tinawag na kuta. Hindi na rin ako magugulat kung may makita akong nagdodroga dito o gumagawa ng malalaswang bagay. Nababagay kasi ang mga iyon sa lugar.

Kulay pula ang carpet na nilalakaran, maging ang wallpaper ng mga dingding ay pinaghalong pula at kulay tsokolate. Ang kwarto sa dulo ang tinatahak namin, may dalawang malalaking lalaki na nakabantay sa labas niyon. Kinausap ng isa sa mga lalaking kasabay namin ang bantay, mayamaya pa ay pinagbuksan na kami ng mga ito ng pinto.

May kadiliman din ang kwarto. Nakakikilabot ang klasikong tugtugin na nangingibabaw sa loob niyon. Natanaw ko sa side table ang phonograph kung saan nagmumula ang musika. Gaya sa labas, may pulang carpet ang sahig. Pinaghalo-halo namang pula, kulay tsokolate at puti ang wallpaper na may bulaklaking disenyo. May gigintuing chandilier sa gitna, madilaw ang ilaw niyon. Sa apat na sulok ng mataas na kisame ay may manilaw-nilaw na ilaw rin. May couch sa kaliwa, kulay asul, at kulay dilaw naman sa kanan. May mga lalaki ring nakaupo ro'n, naglalakihan din ang katawan at mga nakatingin sa amin. May dalawang book shelf sa kaliwa at kanan, nagsisiksikan ang mga libro roon. Sa dulong kaliwa ng kwarto ay may antigo at mataas na rack, naroon ang iba't ibang uri ng alak. Sa dulong gitna naman, sa harap mismo nang mataas at malaking bintana ay mayroong malapad na mesa. May nakapatong na ash tray, kahita ng tobacco, malaking telepono, at isang makinang na baril. Sa likod ng mesa ay may mataas na swivel chair na kasalukuyang nakatalikod sa gawi namin. Nasisiguro kong si Mr. Wood ang nakaupo roon, sinadyang tumalikod sa gawi namin at pinanonood ang kapayapaan ng langit at buwan.

"May bisita kayo, Mr. Wood," anang kasabay namin kanina. Nananatili itong nakaharang sa harapan namin.

"Code name?" tugon ni Mr. Wood.

Tumikhim ang aking ama. **"R.E.W.I.S. Rewis."**

Sa paningin ko ay dahan-dahang humarap sa 'min ang swivel chair at itinambad si Mr. Wood. Nakasuot ito ng itim na suit at tie, ang suot niyang brown hat ay may kulay puti na feather sa kaliwa. Nakapatong sa armrest ng swivel chair ang kaliwa niyang kamay, nandoon ang umuusok nitong tobacco.

Bata pa si Mr. Wood, hindi nalalayo sa edad ng aking ama. Pareho rin silang may singkiting mga mata at pangahin ang mukha. Sinenyasan ni Mr. Wood ang dalawa sa mga tauhan, agad namang kumilos ang mga ito para lagyan ng tatlong silya sa harap ng mesa. Ngumisi si Mr. Wood at sinenyasan kaming lumapit at maupo.

Ipinatong ni Mr. Wood ang magkabilang siko sa mesa, bahagyang inilapit ang mukha sa amin. **"Dala mo na ba ang kabayaran sa utang mo sa akin, Rewis?"**

Napailing ang aking ama. **"Ang totoo ay hindi pa sapat ang aking pera."**

Naglapat ang mga labi ni Mr. Wood, muling sumandal sa swivel chair. Tumingala at humipak sa tobacco, ngumisi siya habang ibinubuga ang usok sa ganoong posisyon.

"Pinadadali mo ang buhay mo, Rewis," nakangisi nitong sabi.

Agad na kumalabog ang kaba sa dibdib ko. Wala kaming laban sa mga ito. Bukod sa masyado silang marami ay nasisiguro kong batikan sila sa pakikipaglaban. At isa pa, ni isa sa amin ay walang dalang gamit panlaban.

Bumuntong-hininga ang aking ama. **"Maaari ba akong humiling sa iyo, Mr. Wood?"** nagbabaka-sakali ang tinig ni Chairman.

"Hiling?" Ngumisi uli si Mr. Wood. **"Wala akong matandaan na ugnayan natin para maglakas-loob kang humiling sa akin, Rewis."**

"Kung iyong mapagbibigyan ang aking kahilingan, hindi ko hahayaan na magsisi ka, Mr. Wood."

Naningkit ang mga mata nito. **"Sige, sabihin mo, pakikinggan ko."**

"Kung hindi ko maisauli ang halaga na iyong hinihingi, maaari ko bang palitan ito ng buhay?"

"Buhay?" Hindi makapaniwala si Mr. Wood bagaman nakangisi.

"Isang mahalagang tao ang ipambabayad ko sa iyo."

Napahalakhak si Mr. Wood. **"Ano naman ang mapapala ko sa mahalagang tao na iyon bilang kabayaran?"**

"Maaari mo siyang gamitin para makahingi ng ransom."

"Talaga?" sarkastiko nitong tugon, muling humalakhak. **"Nasisiguro mo ba na mas mayaman pa sa akin ang pamilyang kinabibilangan ng mahalagang tao na iyan?"**

"Hindi ako sigurado kung sino ang mas mayaman sa inyo, pero bibigyan kita ng kasiguraduhan sa makukuha mo. Nasisiguro kong makagagawa sila ng paraan para maibigay ang iyong gusto. Kahit doblehin mo pa ang presyo, ibibigay nila iyon basta isauli mo sa kanila ang tao na ibibigay ko."

"Sino naman ang mahalaga at maswerteng nilalang na iyan?"

"Isa siyang Enrile."

"Enrile? Wala akong nalalaman tungkol sa pangalan na iyan."

"Nabibilang ang pamilya nila sa mayayamang angkan sa buong Laguna. Ang karamihan sa establisyimentong naroon ay pag-aari nila."

Nakangiwing tumango si Mr. Wood. **"Bigyan mo ako ng posibleng dahilan para pumayag ako sa usapang iyan, Rewis."**

"Magbigay ka lang ng presyo, kami na ang bahalang trumabaho. Dadalhin namin siya sa iyo, bahala ka na kung ano ang gusto mong gawin sa kaniya. Ngunit kami na ang bahala sa pakikipagnegosasyon sa kaniyang pamilya. Matapos niyon, ibibigay ko sa iyo ang pera."

"Dalawang buwan na lang ang natitira sa palugit mo, kailan ko naman makukuha ang pera ko?"

"Bago matapos ang dalawang buwan."

Ngumisi ang tuso na si Mr. Wood, iyong nakakalokong ngisi. **"Ano sa tingin mo ang isasagot ko, Rewis?"**

"Hindi ko masasabi. Pero kung ako ang nasa posisyon mo ay papayag ako. Dahil myembro rin ng pamilya nila ang may pakana para mauwi tayo sa ganito."

Sumeryoso si Mr. Wood. **"Ano ang ibig mong sabihin?"**

"Ang Chairman ng angkan nila ang may pakana ng pagsabog dahilan para mawala ang mga mahahalagang gamit mo. At dahilan para mawala ang aking asawa."

Tumalim ang mga mata ni Mr. Wood. **"Bakit hindi mo pa sinabi iyan nang maaga?"**

Napabuntong-hininga ang aking ama. **"Pasensya na, ang akala ko ay makagagawa pa ako ng paraan."**

"Nauubusan ka na ba?"

"Ganoon na nga." Nagbaba ng tingin si Chairman. Kumuyom ang mga palad ko dahil ni minsan ay hindi ko pa siya nakitang ginawa iyon.

"Sige, kung ganoon. Dalhin mo sa akin ang mahalagang tao na iyan." Sabay-sabay kaming napatingin kay Mr. Wood matapos sabihin iyon. **"Hindi naman siguro makakasama kung sasaktan ko siya nang bahagya?"**

Ngumiti si Chairman at saka tumango rito. **"Sa oras na dalhin ko siya rito, ikaw na ang bahala sa gusto mong gawin sa kaniya."**

"Let's close this deal, then." Tumayo si Mr. Wood at saka inilahad ang kamay sa aking ama.

Nagugulat man ay tumayo si Chairman at nakipagkamay rito. **"Hindi kita bibiguin, Mr. Wood."**

"Mainam, kung ganoon. Dahil hindi mo rin gugustuhin na biguin ako."

Hindi na nawala sa isip ko ang usapan na iyon ng aking ama at ni Mr. Wood. Panay ang paglalayag ng isip ko kung paano naming magagawa iyon. Nasisiguro kong may plano na ang aking ama, hindi niya ugaling magbasta-basta. Ang lahat ay nakaplano sa kaniya. Ngunit alinman sa mga sinabi niya kanina ay hindi niya nabanggit sa amin. Ang usapan kasi ay babantayan lang ang kilos ng mga Enrile, Echavez, lalo na ang kilos ng mga Moon.

"Si Deib Lohr ba ang tinutukoy mo, dad?" mayamaya ay tanong ko. Nadinig ko siyang bumuntong-hininga. **"Iyan na ba ang pinakamaganda nating solusyon?"**

"Wala na akong maisip pang iba, Cargosin. Nawawalan ako ng pag-asa. Hindi malabong patayin tayo ni Mr. Wood kapag hindi natin naibalik ang halaga na nawala sa kaniya. Tayo ang sinisisi niya, kaya tayo rin ang kaniyang ginigipit."

Pabulong akong nagmura. **"Kung hindi dahil sa Chairman Enrile na iyon ay wala sana tayong problema."**

"Ganoon nga." Tumikhim ang aking ama. Madilim na ang kaniyang mga mata nang lingunin ko. **"Kaya hayaan nating siya, imbes na tayo, ang mahirapan. Siya ang dapat na nagsisisi. Siya ang dapat na hindi makatulog sa gabi. Siya ang nararapat na patayin sa bawat minutong dumaraan."**

"At paano ang mga sagabal, Chairman?"

"Kausapin mo si Lovemir, kailangang masiguro niyang hiwalay na ang lalaking Enrile at ang babaeng Moon. Siguraduhin niyang hindi na makikialam ang mga Moon kapag ginalaw natin ang mga Enrile. Kikilos tayo sa lalong madaling panahon."

"Masusunod, Chairman."

Hindi magiging madali ang plano na iyon. Kailangang magawa namin iyon nang ayos, perpekto, at siguraduhing walang magiging problema. Pero kung ang kalayaan at katahimikan naman namin ang kapalit, hindi ako magdadalawang-isip na magpakahirap para lang magtagumpay ang plano.

This is for you, mommy. This is for all of us.

Ibinato ko ang kutsilyo at eksakto iyong tumama sa noo ni Chairman Enrile, larawan lang iyon pero nagagawang buhayin ang galit ko.

"I will make you regret everything, Chairman Enrile."

Muli kong ibinato ang hawak kong kutsilyo. Napangisi ako nang tumama iyon mismo sa puso ni Deib Lohr Enrile. Kung ang larawan ng lolo nito ang bumubuhay sa galit ko, ang larawan naman nito ang nakapagpapaaliw sa akin.

"Prepare yourselves for the vengeance, my vengeance." Doon nawala ang ngisi sa labi ko.

OceanofPDF.com

CHAPTER 213

DEIB'S POV

"Deib Lohr, anak, bakit mo naman siya pinaalis?" tanong ni mommy matapos makalabas ni Taguro. Sinubukan niya pa itong habulin pero pinigilan ko siya. **"Anak?"**

"I don't want to talk about it, please. I need peace of mind."

Naglapat ang mga labi niya. **"Hindi maganda ang ganiyan, Deib Lohr, it's new year."**

"Does it have to be a regular day?" hindi ko na naitago ang inis.

Napailing si mommy sa kawalang-gawa. Naligo ako at nagbihis. Matapos kong mag-agahan ay kinuha ko na ang mga gamit ko.

"Mommy, magba-basketball lang ako," paalam ko. Hindi ko na sila nilingon, bitbit ang bola ay basta na lang ako lumabas ng bahay.

Nag-jogging ako papunta sa court at muling nag-jogging paikot-ikot doon, hindi ako makaramdam ng pagod. Kaliwa't kanan ang pagtakbo ko, umaastang may kalaban sa pakikipag-agawan ng bola na hawak ko naman. Pahulog dito, pahulog doon. Takbo rito, takbo roon ang ginawa ko. Dunk! Lay-up! Three points! Lahat ng moves na alam ko ay ginawa ko para pagurin nang husto ang sarili ko. Hindi ko alam kung bakit, pero nararamdaman kong nawawala ang marami kong iniisip. At iyon ang kailangan ko ngayon. Ang sandaling kalimutan ang lahat at libangin ang sarili ko.

Miss na miss ko na ang maglaro. Gustuhin ko mang yayain sina Lee at Tob, alam kong busy sila kasama ang pamilya.

Makakasama ko rin naman sila mamaya.

Naupo ako sa sementong upuan, uminom ako ng tubig. Mayamaya lang ay kinain na naman ako ng pag-iisip. Parang nakikita ko sa harapan ko ang nakaraan kung saan naglaro kami ro'n nina Taguro. Kung saan kahit gusto niyang manalo ay sinikap ko siyang matalo.

"Ginawa niya 'yon noon para makipagbati sa 'kin." Napangisi ako sa bulong na 'yon nang sarili ko. **"Ginawa niya 'to ngayon para saktan at hiwalayan ako. Tch. Nice."** Naging mapait ang kaninang ngisi ko.

Humigpit ang pagkakahawak ko sa bola na para bang kaya kong butasin 'yon. Kinakain ako ng galit, galit kay Taguro.

"Gusto kong ipagsigawan sa harap mo na galit na galit ako sa 'yo. Pero wala naman nang mangyayari kung gagawin ko pa 'yon. Pahihirapan at ipapahiya ko lang ang sarili ko."

Tanghali na nang bumalik ako sa bahay. Naghahanda na ng tanghalian si mommy pero nagsabi akong hindi na muna kakain. Wala akong gana. Dumeretso ako sa kwarto, sandaling nagpahinga at naligo. Matapos ay nahiga na ako sa kama. Kung ano-ano na naman ang pumapasok sa isip ko kaya mas pinili kong matulog na lang.

"Baby!" nangibabaw ang tinig ni mommy, paulit-ulit na kinikiliti ang tagiliran ng tenga ko. Inis akong nagmulat. **"Omo! Nakasimangot na naman ang baby ko! Dinalaw ka na nga ni Maxi, hindi ka pa ba happy?"** nanunukso niyang sabi.

Sinamaan ko siya ng tingin. **"Tch."** 'Tsaka ako bumangon. **"Mom, I'm still sleepy."**

Ngumuso siya. **"Ang dami-dami mo ng tulog, baby, hindi ka ba napapagod kahihiga?"**

"Mom, walang nakakapagod sa paghiga." Hinawi ko ang kamay niya at saka ako tuluyang tumayo. Uminom ako ng tubig, eksakto namang nakita ko ang sarili ko sa salamin. Inis kong inismiran ang sarili ko. **"Lumabas ka na, mom, maliligo na ako."**

Lalo siyang ngumuso. **"Ang sungit mo recently. Mula nang bumalik ka galing sa Japan ay naging cold ka na, anak. What's wrong?"**

"Nothing," sabi ko na lumapit at hinalikan siya sa noo. **"Please, mom."**

"May kinalaman siguro si Maxi?"

Tch. Masama siyang babae. Walang puso. Manhid. **"Mom, please?"** nakikiusap ang tingin ko.

"Okay," malungkot niyang sabi, kunyaring sumisinghot-singhot. **"Nakapag-ready na ako sa 'baba, nandiyan na sina Randall, RD at Dein Leigh. Mag-ready ka na, okay? Darating na ang friends mo mayamaya lang."**

"Okay."

Pinanood ko lang siyang lumabas ng kwarto, nagpapilit pa at nagpalambing pero nagmatigas ako. Nakanguso siyang lumabas. Sunod-sunod naman akong napabuntong-hininga, napatitig sa kung saan at saka ako naligo.

Totoong mula nang makabalik ako mula sa Japan ay ganito na ako. Madalas ay ibinubuhos ko ang oras sa pag-aaral. At walang kinakausap maski na sino kung hindi naman kailangan. Noong una ay naiintindihan iyon nina mommy, ngayon lang siya nangulit. Siguro ay napapansin niyang hindi na normal ang pagsusungit ko. Pero kahit na gano'n, hindi ko hinahayaang masira ang pag-aaral ko.

"Hindi na ako pwedeng magpakaloko gaya ng dati nang dahil lang sa babae. Tch."

Kakaiba ang pamumuhay ng mga tao sa Japan. Hindi na ako nagtataka kung bakit ganoon si Tob. Masiyado silang masisipag, walang oras para magsaya. Meron din naman pero hindi katulad dito sa Pilipinas na masayang-masaya. Sa kanila kasi, magsasaya sandali, matapos no'n ay babalik na uli sa trabaho. Nakakabaliw, pero mas tama. Dahil doon maraming successful sa kanila.

At iyon ang pinagtuunan ko ng pansin habang nandoon ako sa Japan. Ginaya ko ang ilan sa mga ugali nila, itinutok ko ang buo kong atensyon sa mga matututunan ko. Magagaling ang mga arkitekto at inhinyero nila, hindi ko nabilang kung ilang beses akong namangha at humanga. Napakarami kong in-attend-an na seminars at exhibit doon, lahat iyon ay may nakuha akong certificate. Kaya risonable nang magsaya ako bago umalis sa bansa at bumalik dito sa Pilipinas.

Nagtingin ako ng damit pagkatapos maligo. Pagkabukas pa lang ng cabinet ay agad na dumapo ang paningin ko sa cellphone na nakuha ko nang umagang iyon kung saan sinundo ko si Taguro sa bahay ni Lovemir. Hindi ko alam kung kaninong cellphone 'yon. At dahil papaubos na ang baterya no'n nang makita ko sa bulsa ko, wala na 'yong baterya ngayon. Pagkauwi ko ay doon ko lang nakita ang cellphone sa bulsa ng damit ko. Kung paano 'yong napunta ro'n ay hindi ko alam. Hindi ko na rin nagawang intindihin dahil sa lagay ni Taguro nang oras na 'yon.

Natigilan naman ako nang makita ko ang maliit na kahon, regalo ko iyon kay Taguro. Ang lahat ay binilhan ko ng regalo sa Japan. At kahit galit ako ay iyong sa kaniya ang pinaka-espesyal sa lahat.

Gusto kong makita ang reaksyon niya kapag ibinigay ko iyon, pero sa t'wing kaharap ko na siya ay pinangungunahan na ako ng galit ko. Sa t'wing maaalala ko ang mukha niya, lalo na kapag nakikita ko siya, nagpapaulit-ulit sa isip at pandinig ko 'yong masasakit na salitang binitiwan niya. Na hanggang ngayon ay parang itinatagang isa-isa sa dibdib ko.

"Gano'n ako katanga para sa 'yo dahil nasaktan kita? Ginagawa mo 'kong bobo, Taguro. Ipinamukha mo sa 'kin kung gaano ako kabagal, kung gaano ako kahina. Hindi ko ipapakita sa 'yong malakas ako, dahil alam kong alam mo naman kung hanggang saan lang ako. Pero hindi ko na hahayaang saktan mo ulit ako gamit 'yang matatalim mong salita."

Maingay na sa 'baba kaya nagmadali akong kumilos para ayusin ang sarili ko. Suot ang suit and tie na binili ko rin sa Japan ay pinagmasdan ko ang sarili ko sa salamin. Wala akong karea-reaksyon, hindi ko makikilala ang taong nakikita ko sa harapan ko ngayon.

Paismid kong inalis ang tingin ko sa sarili. Napabuntong-hininga ako 'tsaka lumapit sa estante para magwisik ng pabango. Mayamaya lang ay lumabas na ako ng kwarto. Sinilip ko pa muna kung sino-sino ang nasa 'baba, nandoon na halos ang lahat maliban sa pamilya ni Taguro. Ang sabi ni mommy ay imbitado sila, hindi ko lang alam kung pupunta pa siya.

"Wooh! Namputsa, oh!" agad na nangibabaw ang boses ni Tob. **"Ang gwapo natin, ah?"**

"Ikaw lang," nakangising sagot ko sabay yakap sa kaniya. **"Happy new year."**

"Happy new year, dre! Parang kilala ko 'yang suit mo, ah?"

"Japan," ngumisi ulit ako 'tsaka bumaling kay Lee. **"Mr. Pogi,"** biro ko 'tsaka nakipagyakap sa kaniya. **"Happy new year, Lee."**

"Happy new year, Deib." Tinapik-tapik ni Lee ang likod ko. **"I'm waiting for my girl, I'll be back,"** aniya 'tsaka naglakad papalabas. Nilingon ko naman siya at saka ako napabuntong-hininga. Kung darating na si Parrot ay hindi malabong kasama niya si Taguro.

"Ano, kumusta kayo ni Max?" tanong ni Tob habang kumukuha kami ng prutas.

Nagkibit-balikat ako 'tsaka humarap sa kaniya. **"Gano'n pa rin."**

"Ano? Ayaw mo bang makipag-ayos talaga?"

"Tob, sinabi ko nang gusto kong magpahinga. At saka isa pa, si Taguro 'yon, dre. Si Taguro. 'Yong babaeng mahirap paamuhin. Tch."

"At ikaw 'yan, dre!" bahagya niyang sinuntok ang dibdib ko 'tsaka sinalubong ang mga tingin ko. **"Ikaw si Sensui. Ikaw si Deib Lohr. Ang lalaking nakapagpapaamo kay Taguro. Ang kaisa-isang lalaking nakapagpapaamo sa misteryosang babaeng 'yon."**

Matagal akong napatitig sa kaniya, tama siya. Pero napapailing akong humugot nang malalim na hininga. **"Sumubok ako, nasaktan lang ulit. Ayaw ko na muna. Besides, you know me, dre. Kapag hindi ko na kaya ay ako rin naman ang kusang lalapit sa kaniya."**

Bumuntong-hininga siya 'tsaka inilapat ang palad sa kaliwanag balikat ko. Nilingon ko pa ang kamay niya bago siya muling nilingon. **"Alam mo, dalawa lang 'yan, eh."**

Naglapat ang mga labi ko. *'Eto na naman kami sa dalawa niya.* **"Ano na naman 'yon?"**

"Una, mas importante sa kaniya ang pride mo. O ikalawa, nabawasan na talaga 'yong nararamdaman mo sa kaniya."

Nangunot ang noo ko. **"Eh, kung dagukan kaya kita? Tch! 'Yong nararamdaman ko kay Taguro, imbes na mabawasan ay lalong nadaragdagan. Tsk. Kung pwede lang 'yang sinasabi mo, hiniling ko na. Kaso hindi, eh. Mahal ko pa rin siya. Ewan ko lang siya."** 'Tsaka ako nag-iwas ng tingin upang muling matigilan, nakita ko nang papasok sina Parrot at Yaz. Ang traydor kong mata ay agad namang hinanap si Taguro. *Hindi ka dapat mabaliw sa kahihintay sa kaniya, Deib. Ayaw niya na, 'di ba?* Agad akong nag-iwas ng tingin.

"Paano mo siya haharapin ngayon?" tanong ni Tob na lumingon din sa mga paparating bago tumingin sa 'kin.

"Ewan ko, bahala na."

"Dre, 'wag gano'n."

"Tob, nagagawa niya nga akong bale-walain, eh. Kaya ko rin 'yon."

"Pero sa huli, sino ang nasasaktan? Ikaw! Psh."

"Deep down inside me, yes. I know I can't do this, but I'm doing it anyway."

"Hindi dahil nagagawa niya ay gagawin mo na rin. Hindi dahil nasaktan ka niya ay sasaktan mo na rin siya. Ano ba namang klaseng relasyon 'yan? Pagmamahal ang ginagantihan, dre, hindi ang sakitan."

"Pero ibang klaseng sakitan 'to, Tob," sumeryoso ako. **"Sumuko siya."**

"Kaya nga lumaban ka." Hindi ako makapaniwalang mas seryoso siya. **"Suko na pala siya, eh, di advantage 'yon sa 'yo? Kasi wala na siyang laban. At kapag lumaban ka, paniguradong mananalo ka na."**

"Paano?"

"Paano mo ba nakuha ang loob niya?"

"Panay nga ang tanggi, dre," naiinis kong sabi.

"Kailan ba naman sumang-ayon agad sa 'yo si Taguro? Hindi ba't nagsimula kayo sa ganiyan? Bakit hindi mo magawang ulitin ngayon?"

"Dahil mas malaki na 'yong gusot ngayon."

"Hahayaan mo na lang siya ro'n sa Lovemir na 'yon?"

"Kung 'yon ang gusto niya, eh, di bahala siya. Malaki na siya at isa pa, wala nang mas tatalino pa sa kaniya," mapait kong sabi.

"Invited ba ang Lovemir na 'yon?"

"Kung gusto niyang paglamayan bukas, eh, bakit hindi? Tch."

"Nagseselos ka sa kaniya?" nakangising tanong niya.

Dinaklot ko ang kwelyo niya. **"Sino ang hindi magseselos? Pinasok niya ang teritoryong pinaghaharian ko! Peste!"**

"Eh, bakit pinababayaan mo pa rin ang reyna mo?"

Natigilan ako. **"Tch."**

"Kayang-kaya mo si Taguro, dre. Kaya hindi ako naniniwala diyan sa mga sinasabi mo. May ibang dahilan ka, eh."

Kumunot ang noo ko. **"Ano naman 'yon?"**

"Malay ko sa 'yo," nakangiwi at nakangising aniya 'tsaka nilingon sina Lee. **"Hello, Parrot! 'Ganda mo, ah?"**

"Mga ilang taon pa kaya bago ka masanay, Tob?" pasinghal na ani Parrot. **"Psh! Happy new year, guys!"** Muli kaming nakipagbatian sa magkapatid.

"Kayo lang? Nasa'n sina Max?" tanong ni Tob na bahagya pa akong siniko, sinamaan ko siya ng tingin.

"Naglalatag pa ng red carpet, hinde makapaglakad sa semento 'yon, eh."

Ang sumunod na dumating ay sina Kimeniah at Keziah. Si mommy naman ay parang walang kapaguran sa pag-aasikaso sa lahat. Maya't maya kung abutan niya kami ng makakain. Sa likurang bakuran ulit kami naghanda, doon kasi malaki ang espasyo. Ang karamihan ng mesa ay para sa mga bisita at ang ilan ay para sa handa. Maraming handa, mas marami pa kompara sa handa namin kagabi. Mas marami rin kasi ang tao ngayon.

May isang oras na ang nakalilipas mula nang lumipat kami sa likuran. Malaking okasyon iyon pero simpleng handaan lang, kahit gano'n ay naging espesyal pa rin ang gabi dahil magkakasama kami. Nauwi ang lahat sa kantahan. Nag-set-up na naman kasi si Randall ng stage, dinala niya rin ang mga instrumento niya. Ang sabi ni Noona ay gano'n daw kasi ang ginawa

nila no'ng gabing mag-celebrate sila para sa 'kin no'ng nasa Amerika ako. Pero mas masaya sila ngayon dahil nandito ako.

"Deib Lohr," tinawag ako ni Chairman.

Nag-aalinlangan man ay lumapit ako sa kaniya. **"Yes, Chairman?"**

"I would like you to have this." Iniabot niya sa akin ang isang maliit na kahitang pula.

Hindi ko iyon binuksan at sa halip ay nag-angat ako ng tingin sa kaniya. **"What is this, Chairman?"**

Ngumiti siya nang maganda habang nasa kahita ang paningin. **"It's a gift from your great grandmother."** Nagtama ang paningin namin, natigilan ako. Nagpapalit-palit ang tingin ko sa Chairman at sa kahita. **"She wants me to give it to you right after New Year, with no exact date."** Nagkibit-balikat pa siya. **"Sa tingin ko lang ay ito ang tamang panahon para ibigay iyan sa iyo. Tingnan mo."**

Sandali pa akong napatitig sa kaniya bago marahang binuksan iyon. Napalunok ako nang makita ang magkakapares na kuwintas, hikaw, pulseras at singsing, na pambabae. Gawa iyon sa ginto at nagkikislapang mga diyamante.

"Ibibigay mo iyan sa babaeng pakakasalan mo, Deib Lohr."

"Chairman..." Hindi ko alam ang sasabihin, nabibigla ako.

"Pinakatatago ko iyan," ngumiti siya. **"Isa iyan sa magagandang alaala na iniwan sa akin ng iyong lola. Ngunit hindi para sa akin, kung hindi para sa nag-iisang lalaking apo ko sa tuhod. Natanggap niya pa iyan mula sa kaniyang ina, lola mo na sa talampakan iyon."** Natawa pa siya pero hindi ko magawang sumabay.

"Iniisip niyo bang may pagbibigyan na ako nito?" tanong ko. Ngumiti siya pero hindi agad nagsalita. **"Thank you, Chairman."**

"Hindi ako humihiling sa bawat taon na dumaraan sa akin. Dahil paulit-ulit lang akong nagpapasalamat, sa panibagong taon na ibinibigay sa akin. Pero sa dumaang taon na ito, humilig ako." Tumitig siya sa mga mata ko nang nakangiti. **"Hiniling ko na sana, ikaw ang maging pinakamasayang tao sa pamilyang ito."**

"Chairman..."

Tumango siya. **"At alam ko kung paano mo makikita ang kasiyahan na iyon."**

"I don't understand why you're saying this," kunot-noong sagot ko. Hindi ko maintindihan kung bakit kinakabahan ako. **"We should be**

enjoying the night, Chairman," pinilit kong ngumiti.

"And with this kind of occasion you should be calling me "Lolo", naiinggit na ako sa anak kong si Dei Min," masungit niya kunyaring sabi 'tsaka tinapik ang balikat ko hanggang sa tuluyan akong akbayan.

"Thank you, lolo," wala sa sariling sabi ko.

Natigil siya sa paglalakad at napalingon sa akin. Nasaksihan ko kung paano siyang napangiti. **"You're welcome, apo."** Lalo pa siyang ngumiti 'tsaka muling humarap sa akin. Itinuro niya ang kahitang hawak ko. **"Great father get promoted to grandfather, I got promoted twice,"** nagmamalaki ang tinig niya. Napangiti ako nang makuha ang ibig niyang sabihin. **"Don't fail me, and my blood."**

"Tch. I won't even disappoint you."

"I trust you," bigla siyang nakipagkamay sa akin. **"Sing her a song. It can melt her heart,"** pabulong niyang sabi 'tsaka ako tuluyang iniwan.

Sinundan ko ng tingin ang Chairman nang may pagtataka. Hindi normal sa akin ang iniasta niya. Lahat ay hindi derekta pero nakukuha ko ang ibig sabihin. Pero kataka-taka pa rin dahil hindi naman siya gano'n sa akin. Hindi nawala ang kaba sa dibdib ko, hangga't pumipintig nang matindi ang pulso ko ay hindi ko inalis ang tingin sa kaniya. Nakipaghalubilo siya kina Lolo Dei Min at Daddy, panay ang tawanan nila pero hindi ko magawang ngumiti o maging masaya. Kakaiba sa pakiramdam ang mga sinabi niya.

Napatitig ako sa kahitang hawak ko pa rin. Hindi ko alam kung saan ilalagay iyon ngayon. Sandali akong umakyat at itinago iyon sa kwarto, sa kabinet kung saan agad ko ring nakita ang regalo ko para kay Taguro. *Tch.* Sandali akong napatitig sa regalo bago tuluyang kinuha 'yon.

Bahala siya kung tatanggapin niya o hindi, basta ibibigay ko.

Hindi ko inaasahang sa pagbaba ko ay siyang pagdating ng pamilya ni Taguro. Agad na nagsipagtayuan ang lahat nang manguna sa mga iyon si Chairman Moon. Nakangiti niyang pinaupo ang lahat at saka tuluyang lumapit. Kompleto sila, may dagdag pang isa, aso na hindi ko kilala. At karga-karga iyon ni Maxrill na mukhang kinakausap pa.

"Tuloy kayo, Chairman Moon," nakangiting sabi ko. Nakangiti niyang tinapik-tapik ang balikat ko, naramdaman ko pang pinisil niya iyon na nagdulot ng magandang pakiramdam sa akin.

Agad na hinanap ng paningin ko si Taguro, wala siya. Tanging sina Maxwell at Maxrill ang naro'n at parehong naka-leather jacket ang magkapatid. Maging ang aso na hawak ni Maxrill ay may damit. Luminga-

linga ako sa pinanggalingan nila kung may darating pa, pero mukhang wala na.

"Kayo lang?" bumaling ako kay Maxwell. Tumitig naman siya sa akin na para bang pagod na pagod na siyang sumagot, na para bang napakarami na ng sinagot niyang tanong.

Lumingon siya sa likuran at saka nanunuyang tumingin sa akin. **"If you're waiting for Maxpein, she is not coming, she's not in the mood."**

Kumunot ang noo ko, nanulis nang todo ang nguso ko. **"Bagong-taon, wala sa mood?"**

"That's Maxpein." 'Tsaka siya ngumisi.

Nainis ako bigla. Bubulong-bulong akong sumulyap sa labas pero mukhang sila lang talaga.

"Me' hinihintay ka?" biglang nangibabaw ang tinig ni Taguro sa tagiliran ko, gulat akong napalingon sa kaniya. **"Tss."** Nakapamulsa siya sa likod ng pants, naka-leather jacket din na brown at walang emosyon ang mukha. **"Imbitado ako kaya darating ako, hinde mo na kelangang mag-alala."**

"Wow..." Ngumisi lang ako. **"Akala ko ba ay hindi ka darating?"** Inis ko pang nilingon si Maxwell na nood ay inismiran ako, nang-aasar.

"Nandito na ako, okay?" sarkastikong dagdag niya.

Inis akong bumaling patalikod. Maglalakad na sana ako nang kusa rin akong huminto. Nakangiwi at kunot-noo ko siyang nilingon. **"Happy new year."**

"Mm," tumango lang siya.

Ha! Hinarap ko siya. **"Hindi mo man lang ba ako babatiin?"**

"Binati na kita."

"Kailan?"

"No'ng natutulog ka, kanina." Ngumisi siya. **"Ang gwapo mo, kanina."**

Lalong nangunot ang noo ko. **"Paano ka nakapasok kanina?"**

"Eh, di pumasok sa pinto," mayabang na sabi niya. **"Sige na,"** aniya na isinenyas na mauna na akong lumapit sa lahat.

"Ang gwapo ni Maxwell," agad na nangibabaw ang impit na boses ni Keziah. Pinasaringan naman agad iyon ni Yaz na titig na titig din sa lalaki.

Sandaling nakipagbatian sa mga Moon ang lahat, kasama na ako, nakipagbeso-beso pa ang karamihan. At nang kaming dalawa na naman ni

Taguro ang magharap ay kakatwang wala man lang ilangan. Kaswal kaming lumapit sa isa't isa at nagyakap, na parang parehong walang pinagdaraanan.

"Mukhang wala na akong choice kundi ang batiin ka ulet," aniya.

"Wala naman kasing bayad ang pagbati, bakit nagkukuripot ka?" halos singhalan ko siya.

"Happy new year, Mr. Ciufan," pabulong niyang sabi matapos bumeso sa akin.

Inis ko siyang tiningnan. **"Anong..."** Namulsa ako at hinarap siya. Pinaglaro ko ang dila sa labi, nang hindi namamalayan, bago ko siya nilingon. **"Inaasar mo ba ako, Taguro?"**

"Naaasar ka ba?" walang emosyong tugon niya 'tsaka pasiring na inalis ang paningin sa akin. **"'Wag kang maasar, bagong-taon ngayon. Baka masira ang buong taon mo. Smile."** Ngumiti siya nang maganda bago ako tinalikuran. Kumuyom sa inis ang mga palad ko.

Lumapit siya sa mga naro'n at animong kumakandidatong nakipagkamay at nakipagbatian sa lahat. Inis naman akong sumunod at basta na lang sumalampak ng upo sa bakanteng silya. Eksakto namang nang mahinto siya sa pangangampanya ay nasa harapan ko na uli siya. Nagkasamaan pa muna kami ng tingin bago sabay na nilingon ang isa pang bakanteng silya sa tabi ko. Inis akong nag-iwas ng tingin, prente sa pagkakaupo habang nakapandekwatro at nakapamulsa.

"Talaga namang hinde ka makatiis nang hinde tumatabe sa 'kin," pabulong na aniya.

Marahas ko siyang nilingon. **"Bahay niyo?"**

"Tss."

"Baka gusto mo ring kunan kita ng sarili mong mesa, Taguro?"

"Hinde na, masyado ka nang marameng sakripisyo," nakangising aniya.

"Bagong taon, Taguro, 'wag mong sirain."

"Nananahimik ako, nasa'n ang paninira dito?"

"Ang mood ko ang sinisira mo."

"Matapos mo 'kong makita? Iba na lang ang lokohin mo, Deib."

Nakagat ko ang sariling labi sa inis. **"Hanep talaga ang bilib mo sa sarili,"** pasaring ko pero hindi na siya nagsalita.

Nang pasimple kong lingunin si Taguro ay tutok na ang mga mata niya kay Randall. **"Prepared ba kayong lahat?"** anito na paulit-ulit ini-strum ang gitara. **"Magkakantahan tayo dito."**

"Tsh. Sayang naman ang okasyon kung kantahan lang ang gagawin natin. Hindi ba't putukan ang hilig mo?" biro ni Maxwell. **"Bakit hindi tayo magpaputok dito?"**

"Makikipagputukan lang ako sa 'yo kapag may papuputukan ka na, Maxwell del Valle," ganting biro ni Randall. Natawa ang lahat lalo na nang sumama ang mukha ni Maxwell, parang maibabato pa ang hawak na baso sa kaibigan. **"Why don't you sing us a song, Maxwell? Let us hear your voice!"**

"No, thanks," tanggi ni Maxwell. **"Si Maxpein na lang."**

"Tss," agad na nag-react ang katabi ko. Palihim akong ngumisi. **"Tumangge ka na lang sana, baket nagturo ka pa?"** angil niya sa kapatid.

"I was just thinking if you have something to say..." Nang-aasar ang tinig ni Maxwell, sinulyapan ako bago muling nilingon ang kapatid. **"Pwede mong idaan sa kanta."** Ngumisi siya.

Hindi man lang nagbago ang walang emosyong mukha ni Taguro. Parang suyang-suya na tumitig sa kapatid habang ang kanang kamay ay nakapatong sa mesa. Ang mga daliri niya ay isa-isang lumalagutok sa mesa mula sa hinliliit hanggang sa hintuturo, habang nakatitig pa rin kay Maxwell.

"Of course you don't want to sing, Maxpein," napapahiyang sabi ni Maxwell 'tsaka muling bumaling kay Randall. Natawa ng karamihan sa ipinakitang takot ni Maxwell sa nakababatang kapatid.

Hindi ko inaasahang lilingunin ako ni Taguro matapos no'n. **"'Kuha mo 'kong leche flan,"** utos niya na hindi ko inaasahan.

"Ano?"

"Leche flan."

"Inuutusan mo ba ako, Taguro?"

"Bisita ako dito, 'di ba?"

Sinamaan ko siya ng tingin at saka ako inis na tumayo. Lumapit ako sa mesa kung nasaan ang mga pagkain. Pasimple ko pa rin siyang sinasamaan ng tingin habang padabog akong kumukuha ng leche flan.

Ang lakas ng loob nitong mang-asar! Natural na maaasar ako! Tch! **"Oh!"** padabog ko 'yong inilapag sa harap niya.

Ang inaasahan ko ay sisinghalan niya ako dahil sa ginawa ko pero wala siyang reaksyon. Nangunot ang noo ko nang makitang ngingiti-ngiti siya habang tutok ang mga mata sa telepono. Mukhang may ka-text siya at

natutuwa sa nababasa. Nang matapos siya sa cellphone ay nilingon niya ako. Nawala ang ngiti sa mukha niya nang makita kung gaano kasama ang tingin ko.

"Someone important," aniya habang ibinubulsa ang cellphone. Kumuyom ang mga palad ko at saka ngumisi sa kaniya. **"Salamat,"** aniya na hinila papalapit ang platito sa kaniya.

Doon ko naman napansin si Kim na tumayo at mukhang may hinahanap. **"Do you need anything, Kimeniah?"** pinakagandahan ko ang pagkakatawag sa pangalan nito.

"I lost my earring," sagot naman nito na nasa bermuda ang paningin.

Sinulyapan ko si Taguro na nakatingin sa kung saan habang kagat ang gilid ng ibabang labi. Batid kong pinapanood niya sa ganoong paraan ang mga kilos ko. Nakangisi akong tumayo at saka lumapit kay Kim, hinawakan ko siya sa braso at pinakalma.

"I'll find it for you," matamis ang ngiting sabi ko.

"Thank you, Deib," alalang aniya.

Syempre, sinulyapan ko si Taguro bago ako tuluyang maupo sa mga paa ko. Palihim akong natawa nang makitang nakatingin na siya sa gawi namin at ang dilim-dilim na ng mga mata niya. Para bang anumang oras ay itatapon niya si Kim sa pool sa sobrang galit.

"Libang na libang ka, eh, 'no?" Hindi ko inaasahang sasalubungin ni Tob ang mukha ko. Nakaupo siya sa silya pero sinadyang yumuko para bulungan ako.

"Ano ba?" singhal ko.

"Kapag ikaw ang pinagselos niyan, tingnan ko lang."

"Ano ba ang sinasabi mo?"

"Naaay! Kunyaring hindi alam ang sinasabi ko," nakangiwing aniya. Itinuro niya gamit ang dalawang daliri ang pareho naming mata. Para bang sinasabi niya na pinanood niya ang mga kilos ko.

Si Kim din ang nakahanap ng hikaw niya sa huli. Inihatid ko na lang siya sa kinauupuang silya na nasa harapan namin ni Taguro, bago uli ako naupo. Ubos na ni Taguro ang kinakain nang mapansin ko, abala na naman siya sa telepono at gaya kanina ay ngingisi-ngisi.

Inis kong sinulyapan si Tob, nakangiwi niya akong tinanguan. Umiling siya nang umiling at saka nag-thumbs down sa akin. Sininghalan ko siya ng tingin, pinaulit-ulit niya ang pagta-thumbs down hanggang sa kunot-noo siyang lingunin ni Lee.

"Bakit ba ang likot mo, Tob?"

"Inaano ba kita?"

"Magaslaw ka masyado."

"Psh!" Tumayo si Tob at pagbalik ay may bitbit na siyang bote ng mga alak. **"Tara, magkaaminan na tayo dito,"** aniya na marahas na binuksan isa-isa ang mga 'yon.

"What?" angil ni Lee.

"Ano na naman ba 'yon? Bakit ba ako na lang ang parati mong nakikita, dre?" singhal ni Tob.

"Ang likot-likot mo kasi, ikaw lang naman ang malikot sa mesang 'to. Tsh." Humarap sa akin si Lee. **"Para akong pinaggigitnaan ng dalawang malalaking stereo, ang lalakas ng boses ng mga katabi ko."** Sina Tob at Parrot ang tinutukoy niya na noon ay abala na sa pagsasalansan ng mga alak.

"Iinom tayo!" ani Tob.

Nangunot ang noo ko. **"May problema ka ba?"** natatawang tanong ko.

"Masaya ako. Sa lahat ng masaya ay ako ang pinaka! Ikaw!" dinuro niya ako, nawala ang ngiti ko. **"Ikaw ang tingnan ko kung talagang masaya. Psh!"** 'Tsaka siya nakangiting bumaling kay Taguro. **"Hi, Max!"**

Ngumisi lang si Taguro sa kaniya, gaya ko ay pinanood niya lang si Tob na magsalin ng yelo at alak sa mga baso. Sa gilid ng paningin ko ay pinanonood ko ang bawat kilos ni Taguro. Panay ang sulyap niya sa telepono tapos ay saka titingin sa mga kaharap.

"Sino ba 'yang importanteng kausap mo?" tanong ko nang hindi ako makatiis. Sinadya ko siyang hindi harapin, pero sa gilid ng mga mata ko siya tinitingnan.

"Mas importante pa sa 'yo."

Inis ko siyang nilingon. Nang makita kong nakangisi siya ay ngumisi rin ako. **"Hindi naman na ako umaasang may mas iimportante pa sa 'kin para sa 'yo. Wala na akong halaga sa 'yo, 'di ba?"**

Tch! Kung kaya niya akong asarin, kaya ko rin! Alam ko namang nang-aasar lang siya! Kung talagang mas importante sa 'kin 'yong kausap niya, hindi niya ipapakita sa 'kin 'yon dahil alam niyang magseselos ako.

"Ikaw ang me' sabe niyan," aniya na hindi ako nililingon.

"Oh, Max! Here's to the night!" ani Tob na inabutan siya ng wine glass, na punong-puno!

"Teka," pinigilan ko ang kamay niya nang akmang iinom na. **"Hindi ka pa nga kumakain, 'di ba?"**

"Ayos lang."

"Paano kung malasing ka?"

Ngumisi siya. **"Kasama naman kita, ah?"**

"And?"

"You will take care of me."

"Says who?" nakangisi kong tanong.

"We'll see," aniya at saka nilaghok ang lahat ng laman ng baso. Nanlaki ang mga mata ko, gano'n na rin ang mga kasama namin.

Dahil abala ang mga matatanda sa masayang pag-uusap, kami na lang ni Noona ang nag-asikaso sa mga bisita. Nagdala kami ng mga pagkain sa mesa namin pero ang lahat nang iyon ay naging pulutan sa huli. Isang kasiyahang kami-kami lang ang nakakakita, kung saan ang lahat ay kayang magpakatotoo. Kaya naman mayamaya lang ay hindi na namin matantiya. Panay na ang kwentuhan at tawanan, maging ang mga sikreto ay nailalabas na. Lalo na ni Noona.

"I don't know what's going on between you and my brother but I beg you to make everything right as soon as possible, Maxpein," ani Noona, lasing na. **"Hindi ko talaga matagalan ang kasungitan niya!"** umiikot pa ang mga matang dagdag niya. **"I'm not sure kung part na ba iyan ng aging or maturity niya, sobra kasi! Masyadong masungit! Ugh!"**

"Pwede bang iba na lang ang pagkwentuhan niyo? 'Wag ako," angil ko.

"See?" ani Noona habang nakaturo sa akin. **"Napakasungit niya na, 'di ba?"**

"Binata na raw kasi," ani Tob.

"Tch," sinamaan ko sila ng tingin. **"Iba na lang sabi ang pag-usapan niyo. Ikaw, Noona, 'wag kang uminom nang uminom, may anak ka na."**

"Oh, my God! Iba na talagang mag-isip 'tong kapatid ko!" natawa ang lahat nang sabihin iyon ni Noona. Tumayo siya at biglang hinila ang kamay ni Taguro. **"Kumanta tayo, Maxpein!"**

"Tss, lasing ka na, Dein."

"Ayos lang ako, gusto ko lang talagang marinig ang boses mo." Mukhang walang magawa si Taguro kay Noona dahil nahila siya nito hanggang makaakyat sila ng stage. Palihim akong napangiti.

"'Yan!" biglang nangibabaw ang matining na boses ni Tob. Gulat akong napalingon sa kaniya. **"Iyan ang kaibigan namin! 'Yong ngingisi-ngisi kapag si Taguro, eh, may magandang gagawin! Psh!"**

"Ang ingay-ingay mo, lasing ka na rin ba?"

"Medyo may tama na, dre. Psh! Sshhk, hindi naman ako gaya mo na nakabantay sa iniinom ng girlfriend. Hahaha!"

"Manahimik ka, Tobi, ah? Hindi na ako natutuwa."

"Matutuwa ka, malay mo, Britney Spears ang kantahin ni Taguro. Hahaha!"

Sa halip na makipagdaldalan sa kaniya ay itinuon ko na lang ang pansin kay Taguro na noon ay nakangiti na kay Randall. Naglapat ang mga labi ko. Paniguradong kung wala ro'n si Noona ay nasinghalan ko na siya sa ganda nang pagkakangiti niya sa lalaki.

Tch!

Naupo si Randall sa gitna nina Noona at Taguro, dalawang beses na in-strum ang gitara 'tsaka bumilang sa kanila. At kasunod niyon ay ang pagtugtog niya.

♪♫ **"*Ano man ang sabihin nila...,*"** panimula ni Randall. ♪♫ **"*Ika'y patuloy kong mamahalin. Maging sino ka man, 'di na magbabago ang pag-ibig ko. Dahil minamahal kita, walang makakapigil sa 'king damdamin.*"** ♫♪

♪♫ **"*Upang ikaw ay ibigin ko nang lubos.*"** Si Noona naman ang sumunod sa kaniya, kinanta ang linya habang nakatingin sa asawa. ♪♫ **"*Dahil mahal kita, lahat ng bagay ay aking matatanggap.*"** ♫♪

Nang hawakan ni Taguro ang mikropono ay biglang naghiyawan ang lahat. Sinamaan ko ng tingin ang mga kaibigan ko pero ni isa sa kanila ay hindi nakatingin sa akin. Napahiya ako... sa sarili ko. Kaya naman muli kong itinuon ang paningin kay Taguro na noon ay panay ang sulyap kay Randall, na para bang hindi alam kung oras na para ipasok niya ang linya.

Nang tumango si Randall ay 'tsaka siya kumanta. ♪♫ **"*At dahil mahal kita, handa akong magparaya. Kahit katumbas nito'y kasawian. Dahil mahal kita sa 'yo lamang liligaya. At 'di na muling iibig pa.*"** ♫♪ Nagtinginan ang tatlo at sabay-sabay na umungol sa mikropono. **"*Haaa!*"**

Inulit nila ang liriko simula sa umpisa, may mas mataas lang na tono. Sila pa rin ang nagmamay-ari ng kani-kaniyang linya kanina. Ang pinagkaiba lang, nang linya na ni Taguro ang umeere ay sa akin na siya nakatingin, hindi gaya kanina.

♪♫ ***"At dahil mahal kita, handa akong magparaya. Kahit katumbas nito'y kasawian. Dahil mahal kita sa 'yo lamang liligaya. At 'di na muling iibig pa."*** ♫♪

"Tch," singhal ko habang nakatingin din sa kaniya. Hindi ko maipaliwanag ang kakaibang kilos na nangyayari sa loob ng dibdib ko. Kahit masarap 'yon sa pakiramdam ay galit ako kay Taguro.

"Wohooo!" umalulong ang nakakaloko at nanunuksong ungol ni Tob. **"Sa 'yo lamang liligaya, dre! Sa 'yo lamang! Sa 'yo lamang!"**

"Manahimik ka nga!" pabulong na singhal ko.

"Tandaan! 'Wag mong pigilan, masakit sa puson 'yan!" dumungaw talaga siya sa 'kin para sabihin ang pang-asar niyang linya.

Pinanood ko si Taguro na bumaba ng stage, nagpaalalay pa talaga siya kay Randall. Sinamaan ko siya ng tingin hanggang sa muling makaupo sa tabi ko.

"Ang baba-baba no'ng stage, nagpaalalay ka pa?" nakangisi kunyari kong sabi.

Nilingon niya ako. **"Huh?"**

"Huh?" panggagaya ko sa kaniya.

Ngumisi siya. **"Hanggang ngayon naman ba?"**

"Ano?"

"Nagseselos ka?"

"Asa, Taguro. Asa," idiniin ko pa 'yon sa mukha niya.

"Eh, baket nagre-react ka? Bawal ba?"

"Tch. Ang sabihin mo, sabik ka lang talaga sa haplos at hawak niya."

Tumawa siya nang malakas. **"May haplos talaga? Alam mo ba ang ibig sabihin ng haplos, Sensui?"** Noon niya lang uli ako tinawag sa bansag na 'yon. Humarap siya sa akin, hindi ako nakatingin sa kaniya. Kaya nagulat ako nang haplusin niya ang pisngi ko!

Gulat akong napaharap sa kaniya. **"Ano ba!"** pinunasan ko ang pisngi ko.

"'Yan ang haplos, Sensui."

"Alam ko! Bakit mo ginawa 'yon?"

"Dahil iyan ang na-miss ko," seryosong aniya 'tsaka ngumisi. **"Bago ko ma-miss ang ibang tao ay ikaw muna, Sensui. Ikaw ang una, habang at huli."**

Natigilan ako. **"Tch! Kalokohan 'yan!"** inis akong nag-iwas ng tingin.

Kahit hindi ko siya tingnan ay nararamdaman ko ang mga mata niya sa akin. Ilang saglit pa ay naiilang na ako, pero gusto kong ipakita sa kaniyang galit talaga ako. Hindi ako pwedeng magpadala sa mga salita niya lalo pa at ang mga iyon din ang ginagamit niya para saktan ako. Hinablot ko kay Tob ang bote at saka nagsalin sa baso ko. Agad kong tinungga ang laman at saka ako muling nagsalin. Nang tutunggain ko 'yon ay biglang pinigilan ni Taguro ang braso ko.

"Ano?" singhal ko. **"Bitiwan mo 'ko, kung ayaw mong masaktan."**

"Nagbanta ang walang laban," mayabang na aniya.

"Gusto mong masaktan?"

Nilingon niya ako nang nakangisi pero bigla siyang sumeryoso. **"Mga ilang beses pa ba?"** kaswal niyang tanong. Natigilan ako. **"Mga ilang beses mo pa akong sasaktan?"**

Matagal akong napatitig sa kaniya, unti-unti niya akong hinihiya sa sarili ko. Hanggang sa hindi ko na matagalan ang tingin niya. Muli ko na lang kinuha ang bote at nagsalin 'tsaka uminom.

"'Yong mga ginawa mo, hinde ko makakalimutan. Dadalhin ko kahit saan, kahit sa hukay pa 'yan," dagdag niya at saka umayos ng upo. Bahagya siyang lumayo bagaman nasa tabi ko pa rin.

Hindi na ako nakapagsalita, hindi ko na rin siya nilingon pa. Nagpatuloy kami sa inuman, ang karamihan ay nagsasaya habang kaming dalawa ni Taguro ay paulit-ulit lang na nag-iiwasan, nagpapakiramdaman at nagkakailangan. Hindi ko alam kung ano ang tumatakbo sa isip niya, ayaw ko na ring alamin dahil paniguradong manunumbat lang siya.

Hindi naman siya maniniwala kahit anong paliwanag mo, Deib. 'Wag ka nang magsayang ng oras na magsalita pa.

"Let's go, Deib," anyaya ni Lee.

Nakanguso ko siyang tiningala. **"Saan na naman?"**

"We're going to sing," seryosong aniya.

"What? Ayaw ko nga!" magkakrus ang braso akong nag-iwas ng tingin.

"Para kang bata, 'wag ka nang magpapilit. Babae lang ang may ganiyang ugali." At talagang seryoso siya, hindi man lang magbiro.

"Lasing ka na ba?"

"No."

"Ayaw ko nga, okay?"

"Ngayon lang natin gagawin 'to, dre!" banat naman ni Tob.

"Eh, di kayong dalawa na lang!"

"Ay," ngumiwi si Tob. **"Wala 'to..."**

"Ayaw ko ngang kumanta, dre! Kayo na lang," kunot-noo akong nag-iwas ng tingin. Eksakto namang nagtama ang paningin namin ni Taguro. **"Ano? Bakit nakatingin ka?"**

Pero sa halip na sumagot ay may hinugot siya sa bulsa. Pinanood ko ang kilos niya pero gano'n na lang ang gulat ko nang ngumiti siya at sagutin ang telepono.

"Oh? Happy new year din. Ah, talaga?" nakangiti pa rin aniya. Lalong nangunot ang noo ko. **"Nandito ako kina Deib. Pwede kitang puntahan diyan kung gusto mo--"**

Inagaw ko ang telepono. Masama ang tingin ko kay Taguro habang inilalagay 'yon sa tenga ko.

"...baby," tinig ni Lovemir.

Agad na nag-init ang tainga ko! **"Anak ng... Anong baby!"** singhal ko. **"Hoy, baduy! Wala ka na bang mahita na ibang endearment diyan sa utak mo kaya pati 'yong paraan ng paglalambing ko ay kinuha mo?"**

"Who is this?"

"Ako lang naman si Deib Lohr Enrile."

"Oh, it's you. Hindi ko alam na ikaw pala ang tinawagan ko?"

"Bakit ba tumatawag ka ng ganitong oras?"

"Why do you care?"

"Akin na nga 'yan," inagaw pabalik ni Taguro ang telepono. Sininghalan ko siya ng tingin pero nagulat ako nang tumayo siya at biglang lumayo. Nakamaang ko siyang pinanood 'tsaka ko nakagat ang labi ko.

Baby? Ha! Napatingin sa ako sa kung saan bago siya muling nilingon. Tawa na siya nang tawa habang kausap ang baduy na lalaking 'yon! Pinakiramdaman ko si Taguro hanggang sa makabalik siya. Hindi ko siya nilingon pero sa gilid ng mga mata ko ay nakikita ko kung gaano kaganda ang ngiti niya habang ibinubulsa ang telepono.

"We've got something to say, check it out!" ani Tob sa mikropono dahilan para matinag kami, lalo na ako. Nakatingin siya kay Taguro habang nananatili sa pwesto, sa harapan namin. Hindi ko alam kung paano niyang nakuha ang mic. ♪♫ ***"For all this time he have been loving you, girl."*** ♫♪ Kinanta niya 'yon habang na kay Taguro ang paningin.

♪♫ ***"Oh, yes, he did."*** ♫♪ Nag-second voice naman si Lee habang nakatingin din kay Taguro. Mukhang nakukuha ko na ang ibig sabihin nang ginagawa nila.

Bwahahahahahaha!

♪♫ "***And eversince the day you left him here alone. He's been trying to find the reason why.***" ♫♪ Maganda ang boses ni Tob.

♪♫ "***Oh, the reason why,***" ♫♪ gano'n na rin si Lee. ♪♫ "***So if he did something wrong please tell him, he wants to understand.***" ♫♪

♪♫ "***'Cause we don't want this love to ever end...***" ♫♪ Sabay nilang kinanta ang linya 'tsaka ibinigay ni Tob sa akin ang mikropono.

Nakangisi na ako nang lingunin ni Taguro. Nakasandal sa silya at bahagyang nakaharap sa kaniya. ♪♫ "***And I swear if you come back in my life, I'll be there 'til the end of time.***" ♫♪

♪♫ "***Come back to him, come back to him. Come back into his life.***" ♫♪ Sabay uli 'yong kinanta nina Lee at Tob, at gusto kong matawa dahil magkasalo na sila sa iisang mikropono.

♪♫ "***And I swear I will keep you right by my side 'cause, baby, you're the one I want.***" ♫♪

♪♫ "***Come back to him, come back to him. Come back into his life.***" ♫♪

♪♫ "***Oh, yes, you are.***" ♫♪

♪♫ "***He watched you go,***" ♫♪ muling nangibabaw ang boses ni Tob. Hindi ko pa rin inaalis ang paningin ko kay Taguro at gano'n din naman siya sa akin. ♪♫ "***You've taken his heart with you.***" ♫♪

♪♫ "***Oh, yes, you did,***" ♫♪ tumango-tango pa si Lee.

♪♫ "***Everytime he try to reach you on the phone, Maxpein, you're never there. Maxpein, you're never home.***" ♫♪ Magaling talagang kumanta si Tob pero mas magaling siyang mag-iba ng liriko. At ngayon ko lang nagustuhan ang ugali niyang gano'n.

♪♫ "***So if he did something wrong please tell him, he wants to understand. 'Cause we don't want this love to ever end,***" ♫♪ bagaman nakangiti ay naro'n ang damdamin ni Lee.

♪♫ "***And I swear if you come back in my life, I'll be there 'til the end of time.***" ♫♪ Mas madiin ko nang kinanta ang koro habang ang paningin ay nananatili pa rin kay Taguro. Masyado siyang seryoso pero kunot na kunot ang noo.

♪♫ "***Come back to him, come back to him. Come back into his life.***" ♫♪

♪♫ "***And I swear I will keep you right by my side 'cause, baby, you're the one I want.***" ♫♪

♪♫ "***Come back to him, come back to him. Come back into his life.***" ♫♪

♪♫ "***Oh, yes, you are.***" ♫♪

♪♫ "***Maybe he didn't know how to show it,***" ♫♪ si Lee.

♪♫ "***And maybe I didn't know what to say!***" ♫♪ halos isigaw ko ang pagkanta sa mukha niya.

♪♫ "***This time he won't disguise so you can build your lives. And you can be as one.***" ♫♪

♪♫ "***And I swear if you come back in my life, I'll be there 'til the end of time.***" ♫♪

♪♫ "***Come back to him, come back to him. Come back into his life.***" ♫♪

♪♫ "***And I swear I will keep you right by my side 'cause, baby, you're the one I want.***" ♫♪ Emosyonal ko nang kinanta iyon na para bang nagmamakaawa ako kay Taguro. Ako rin ang kusang pumigil sa sarili ko.

♪♫ "***Come back to him, come back to him. Come back into his life.***" ♫♪

♪♫ "***Oh, yes, you are.***" ♫♪

"**Woooh!**" nangibabaw ang boses ni Parrot. Nakatayo siyang pumapalakpak nang lingunin ko. "**Pakshet, nakaka-in love ang boses mo, Deib! Baket ngayon mo lang ginawa 'yan!**"

"**Sa akin ba ay hindi?**" angil ni Lee.

"**Sweetheart, lagi kong naririnig ang boses mo, eh, si Deib, ngayon lang! Ang ganda-ganda! More! More!**" pumapalakpak niyang sabi.

Ngumisi ako, nagmamalaki. At saka ko nilingon si Taguro. Syempre, wala pa ring nagbago sa blangko niyang hitsura. "**Narinig mo ba ang sinabi no'ng kaibigan mo?**" nakangiwi kong tanong. "**Ang ganda-ganda raw ng boses ko,**" mariing dagdag ko.

"**Wala akong narinig,**" tugon niya.

Nanlaki ang mga mata ko, napamaang at saka ngumuso. "**Ang lapit-lapit ko sa 'yo, Taguro!**"

"**Mahina ang pandinig ko, eh.**"

"**Tch! Abnormal ka, 'yon ang sabihin mo!**"

"**More!**" muling sigaw ni Parrot.

"**Ano, dre?**" tanong ni Tob na para bang isa kaming banda na hinihilingang kumanta pa ng mga taga-hanga nila.

"Tch, pagbigyan," mayabang na sabi ko habang nakatingin kay Taguro. **"Makinig ka nang mabuti, sayang ang pagkakataon mo."**

♪♫ **"*Cruel to the eye,*"** ♫♪ sabay na panimula nina Lee at Tob.

♪♫ **"*I see the way he makes you smile...*"** ♫♪ Banat ko.

♪♫ **"*Cruel to the eye...*"** ♫♪ Nagsabay uli iyong dalawa.

♪♫ **"*Watching him hold what used to be mine,*"** ♫♪ kinanta ko iyon sa paraang sinasabi kay Taguro.

♪♫ **"*Why did you lie? Why did you walk away to find? Oh, why? Oh, why?*"** ♫♪

♪♫ **"*I...can't breathe easy. I can't sleep at night 'til you're by my side. No, I...can't breathe easy. I can't dream yet another dream without you lying next to me, there's no air.*"** ♫♪ Pakiramdam ko ay iyon ang tunay kong nararamdaman. Dalawa ang ibig sabihin sa akin ng lirikong iyon. ♪♫ **"*Curse me inside!*"** ♫♪

♪♫ **"*For every word that caused you to cry,*"** ♫♪ magaling mag-second voice ang dalawa. Seryoso at walang halong biro.

♪♫ **"*Curse me inside!*"** ♫♪

♪♫ **"*He won't forget, no, he won't. He don't know why, don't know why he left the one he was looking to find. Oh, why? Oh, why?*"** ♫♪

♪♫ **"*Why!*"** ♫♪ pasigaw kong kanta. ♪♫ **"*I...can't breathe easy. I can't sleep at night 'til you're by my side. No, I...can't breathe easy. I can't dream yet another dream without you lying next to me, there's no air.*"** ♫♪

♪♫ **"*He's out of his mind. Nothing makes sense anymore.*"** ♫♪

♪♫ **"*I want you back in my life...*"** ♫♪ Tinitigan ko si Taguro sa mga mata. ♪♫ **"*You're all that I'm breathing for... Ooohh...*"** ♫♪ Kumanta ako sa pinakamataas na tono na kaya ko. Napakaemosyonal at hindi ko 'yon nagawang pigilan. ♪♫ **"*Tell me why! I can't dream yet another dream without you lying next to me there's no air! Oh, no, no, no! I...can't breathe easy. I can't sleep at night 'til you're by my side. No, I...can't breathe easy. I can't dream yet another dream without you lying next to me, there's no air.*"** ♫♪

Titig na titig sa akin si Taguro habang kumakanta ako, hanggang sa matapos. Nilabanan ko naman ang mga titig niya hanggang sa siya na ang kusang mag-iwas ng tingin. Nakangisi akong lumapit at naupo sa tabi niya, hindi ko inalis ang paningin ko hanggang sa muli niya akong lingunin.

"Nakapagtataka," sabi ko.

"Ang alin?" kunot-noong tanong niya, salubong na salubong ang mga kilay na para bang isanlibong beses niya na akong hindi maintindihan.

"*Walang tigil ang gulo sa aking pag-iisip. Mula nang tayo'y nagpasyang maghiwalay. Nagpaalam 'pagkat 'di tayo bagay, nakapagtataka.*" Pabulong akong kumanta, iyong ang makaririnig ay kami lang dalawa.

"Tss."

"*Kung bakit ganito ang aking kapalaran, 'di ba ilang ulit ka nang nagpaalam. Bawat paalam ay puno ng iyakan, nakapagtataka.*" Doon ko na nilakasan. Syempre, mas kinikilig pa ang mga nakakarinig at nanonood sa 'min kesa kay Taguro. Dahil 'yon siya, gano'n siya.

Kinuha ko ang kamay niya at inakay siyang tumayo habang kumakanta. Gusto kong matawa dahil puno ng pagrereklamo ang mukha niya pero tumugon naman sa akin ang katawan niya.

"Ano ba'ng ginagawa mo?" nahihiya na tanong niya. Inilinga niya ang paningin sa lahat.

Pero hindi niya na nagawang umangal pa nang tipahin ni Randall ang piano. Gusto ko pang purihin si Randall dahil nalagyan niya ng beat ang simpleng tugtog kaya mas ginanahan akong kumanta.

"*Hindi ka ba napapagod, o 'di kaya'y nagsasawa? Sa ating mga tampuhan, walang hanggang katapusan. Napahid nang mga luha, damdamin at puso'y tigang. Wala nang maibubuga, wala na 'kong maramdaman...*"

Lumamlam ang mga mata niya nang emosyonal kong kantahin ang huling linya. Ipinakita ko sa kaniya ang tunay kong nararamdaman, bahagyang lumuwag ang pagkakahawak niya sa akin. Mas tumitig pa siya mga mata ko na para bang nakikipag-usap.

"*Walang tigil ulan at nasaan ka araw? Napaano nang pag-ibig sa isa't isa? Wala na bang nananatiling pag-asa? Nakapagtataka...*"

Nagbaba siya ng tingin pero patuloy sa pagsabay sa akin. Napangiti ako at hinawi ang ilang piraso ng buhok na nakaharang sa noo at mga mata niya. Hinawakan ko ang baba niya at pilit na inangat sa akin ang kaniyang paningin.

"*Hindi ka ba napapagod, o 'di kaya'y nagsasawa? Sa ating mga tampuhan, walang hanggang katapusan. Napahid nang mga luha, damdamin at puso'y tigang. Wala nang maibubuga, wala na 'kong maramdaman...*"

Napapikit siya nang idikit ko ang noo ko sa noo niya. Napangiti naman ako dahil ang kaninang nagrereklamong mukha niya ay unti-unting namayapa.

Ako lang talaga ang nakapagpapakalma sa isang Taguro. Ako nga lang din ang gumagalit sa kaniya. Bwahahaha! Tsk tsk...Oh, Taguro, gusto kong hulihin ang mga puso at ipambatok isa-isa sa 'yo. Tch!

"*Kung tunay tayong nagmamahalan, ba't 'di tayo magkasunduan? Oh...oh...*" Sabay kaming huminto ni Randall, ako sa pagkanta at siya naman sa pagtugtog.

Hindi ko inalis kay Taguro ang tingin ko. Nakatingin din siya sa 'kin pero hindi na gaya kanina ang hitsura niya. Wala na naman siyang emosyon at parang ilang segundo na lang ay magsasawa na siya sa mukha ko.

"Baka gusto mo 'kong palakpakan?" nakangising sabi ko. **"Kumanta ako dahil sa nararamdaman ko, Taguro. Dahil sa 'yo."**

"Ito ba ang gusto mo, ang sumbatan ako gamit 'yang kanta mo? Tss. Pate ba naman pagkanta mo, eh, sa 'kin mo isisisi?"

Kumunot ang noo ko. *OA nito...* **"Sinisisi ba kita?"**

"Masyado kang emosyonal kung kumanta. Me' pagani-ganito ka pa," aniya na tiningnan ang kamay niyang nakapatong sa balikat ko.

Ngumisi ako. **"Talent 'yon, Taguro. Bakit, tinamaan ka ba?"**

"Baket ako ang tatamaan? Hinde ba't kumanta ka nga base sa nararamdaman mo? Tss. Kasalanan mo naman, 'di ba? Mambababae ka lang, kalaban pa!"

Sumama ang mood ko. **"'Wag ka na nga lang dumada dahil lugi ako sa 'yo, Taguro. Dahil hindi ka naman maniniwala kahit na anong paliwanag ko."**

"Tss, alis nga," aniya na bahagya akong itinulak. Inagaw ko pabalik ang kamay niya.

"Tigilan mo ang pakikipag-usap sa lalaking 'yon, Taguro."

"Kanino?"

"Kay Lovemir!" kunot-noong angil ko.

"Tss. Baket?"

"Dahil nagseselos ako."

"Don't tell me what to do." Seryoso siya. **"And besides, wala na tayo. Hinde ka na dapat na magselos."** Nag-iwas siya ng tingin.

Kinuha ko ang mga pisngi niya at pilit siyang iniharap sa akin. Muli kong idinikit ang noo ko at sabay kaming napapikit. Sinadya kong pagdikitin ang

pareho naming labi, napangiti ako habang naramdaman ko naman ang gulat niya.

Nagmulat ako, nananatili naman siyang nakapikit. **"I'm always jealous, I always get jealous,"** pabulong kong sabi habang nakatingin sa kaniya. Sa loob ko ay tuwang-tuwa ako sa pagbabanggan ng mga labi naming dalawa. **"But that doesn't mean I don't trust you, because I always do. I'm only jealous because I care about you, about us, and the thought of losing you scares me. Why can't you understand?"** pabulong ngunit mariin kong sinabi. Nangunot ang noo niya at tinitigan ang pareho kong mata na para bang litong-lito.

"No'ng sinabe ko sa 'yong lumayo ka sa babaeng 'yon, ginawa mo ba?" seryoso siya.

Lumayo ako. **"Ah, kaya gumaganti ka?"**

"Hinde ako ganito gumanti, Sensui. Hinde mo magugustuhan kapag ako ang gumanti kaya 'wag ka nang magtanong."

"Puro ka kayabangan." Matalim ko siyang tiningnan, nilabanan niya ako ng masamang tingin.

"Tss. Kumanta ka na lang." Binitiwan niya ako at tinalikuran.

"Mahilig ka talaga sa musikero, eh, 'no?" nakangising habol ko.

Nilingon niya ako at lalong sumama ang tingin niya, mas ngumisi naman ako. **"Magdahan-dahan ka sa mga sinasabe mo."**

"Bakit, hindi ba? Si Randall, matalino, gwapo, babaero at musikero. Si Lovemir, matalino, baduy, dancer at musikero. 'Wag mong hanapin sa 'kin 'yong mga nakikita mo sa kanila. Maganda ang boses ko, matalino ako at higit na mas gwapo kompara sa mga lalaki mo, pero hindi ko trip maging musikero. Kontento na akong tinitilian ng mga babae kapag nakakahulog ako." Umasta akong nagpapahulog ng bola.

"Hinde ka titigil?" nagbabanta ang tinig niya.

Tch! Pikon talaga! **"Kailangan ko bang maggitara? Kailangan ko bang maging pianista? Hindi mo ba ako magugustuhan nang sa kung ano lang ako? Kailangan ko pa bang gumaya sa ibang tao?"**

"Lasing ka na ba?"

"Hindi kita maintindihan, Taguro." Nakangisi ako pero seryoso ako sa sinabi.

"Ikaw ang hinde ko maintindihan."

"Bakit hindi mo 'ko mapatawad? Ano pa ba ang kailangan kong gawin? Bakit kailangan na may kapalit ako agad? Kasi 'yon ang hindi

ko matanggap, Taguro. Hindi ko kayang makita kang may kasamang iba." Hindi ko namalayang nagiging emosyonal na pala ako. **"Bakit napakahirap mong suyuin?"**

"Tumigil ka na, hinde 'to ang oras para diyan."

"Bakit hindi mo 'ko bigyan ng ikalawang pagkakataon para patunayan ang nararamdaman ko? Mahal kita, Taguro."

Tumitig siya sa 'kin nang may galit sa mga mata. **"Walang puwang ang ikalawang pagkakataon sa puso ko. Nakapasok ka na, lumabas ka pa. Hinde ko na kasalanan 'yon."**

Natigilan ako at napatitig sa kaniya. *Napakatigas mo!* **"Okay, then,"** nagbaba ako ng tingin at sunod-sunod na umiling. **"I won't chase after anyone anymore, not even you, Maxpein. You want to walk out of my life? I'll hold the fucking door open."** Sinabi ko 'yon nang seryoso at titig na titig sa mga mata niya. At saka ko siya iniwan.

Natapos ang gabing 'yon nang hindi na kami nagpansinan ni Taguro. Umuwi siya nang hindi nagpapaalam, kahit mabigat 'yon sa loob ko ay sinikap kong makihalubilo sa mga kaibigan ko hanggang sa matapos ang party.

Kinabukasan ay bumalik na naman ako sa dati, wala sa huwisyong makipag-usap sa kahit na sino. Nag-aalala sila, lalo na si mommy, pero parati kong sinasabing ayos lang ako. Alam naman nilang may problema kami ni Taguro kaya hindi na sila nangulit pa, maliban kay mommy, syempre.

MAX'S POV

MABILIS na dumaan ang mga araw, muling nag-resume ang klase. Excited ako na hindi maintindihan, pero agad iyong nawala nang dumaan ako sa tertiary campus. Pakiramdam ko anumang oras ay makikita ko si Sensui.

"Max?" si Naih. Nilingon ko lang siya. **"Sinabe sa 'kin ni Lee 'yong dahilan kung baket kayo nag-away ni Sensui."**

"Oh, ngayon?"

"Sorry," aniya na huminto talaga sa gitna ng hagdan para lang yakapin ako. **"Akala ko kase..."**

"Tss. Wala sa plano kong pag-usapan 'yan, Naih. 'Tsaka na."

"Grabe 'yong babaeng 'yon, 'no?"

"Sabe nang..."

"Oo na! Grabe, 'aga-aga, galet!"

Pinangunhan ko na siyang umakyat at dumeretso na rin ako sa classroom. Syempre, sangkaterbang batian pero tinanguan ko lang silang lahat at saka ako naupo sa silya ko. Isinabit ko ang bag ko at basta na lang sumandal. Itinuon ko sa kung saan ang paningin ko ngunit nang maramdaman kong hindi inaalis sa 'kin ni Lovemir ang paningin niya ay nilingon ko na siya.

"Happy new year," bati niya. **"Anong handa niyo no'ng new year?"**

"Marame."

"Kumusta naman, nagpaputok ka ba?" tiningnan niya pa ang mga kamay ko.

"Kaunte lang, ayaw ko sa maingay." Nag-iwas na ako ng tingin, nakahalukipkip na tumitig sa white board.

"Tahimik ang new year ko, eh." Matamlay ang boses niya.

Natigilan ako, lalo na nang maalala kong mag-isa nga lang pala siya. Nilingon ko siya at saka ako napabuntong-hininga. **"Nasa'n ba ang pamilya mo?"** tanong ko. **"Sana ay umuwe ka sa kanila para magkakasama kayong mag-new year."**

"Ayos lang." Pinasigla niya ang sarili. **"Ilang taon na rin naman akong nagnu-new year mag-isa."** Pinilit niya pang matawa.

Hindi ko maipaliwanag ang maliit na kirot na 'yon na naramdaman ko sa dibdib ko. Alam ko ang pakiramdam no'n, may dalawang beses din akong nagbagong-taon nang mag-isa. Walang kabatian, walang handa at walang kasama. Malungkot. Lalo na kapag naririnig mo ang ibang pamilya na nagsasaya. Nakaka-depress. Nakakaiyak.

"Pa'no mo sinalubong ang bagong-taon mo kung gano'n?" hindi ko naiwasang magtanong.

"Natulog nga lang ako matapos kitang batiin. Dumaan ang gabing 'yon nang parang normal lang. At ikaw lang ang binati ko."

'Tapos ay hinde ko pa siya ni-reply. Tss. Hindi ko maiwasang malungkot para sa kaniya, gano'n kasi talaga ang pakiramdam. Gano'n din ang ginawa ko no'ng mga panahong nagbagong-taon akong mag-isa. Hinayaan kong dumaan ang gabi, iisang tao lang din ang binati ko no'n. Ang Chairman.

"Anong new year's resolution mo?" wala sa sariling tanong ko sa masiglang paraan.

Bagaman wala akong nalalaman tungkol sa new year's resolution, tinanong ko siya para lang maiba ang usapan. Nakakahawa kasi ang lungkot niya. Nakangiti siya pero bahagyang nangunot ang noo niya, tumaas pa nga

ang kilay niya at parang matatawa pa. Pero hindi siya sumagot, sa halip ay napahalakhak na lang.

Tss. Ayos talagang kausap 'to, eh.

Hindi ko alam kung ano ba ang meron sa bagong-taon na 'yon, mula kasi nang araw na 'yon ay naging kakaiba ang mga kilos ni Lovemir. Hindi ko na maramdaman ang dati kong nararamdamang paghihinala sa kaniya. Muling lumipas ang mga araw nang kami pa rin ang madalas na magkasama. Pero hindi gaya nang nakaraang taon, maayos na rin siyang pinakikisamahan ni Naih. Madalas nga silang magbiruan at magpaligsahan sa klase. Silang dalawa ang naglalaban sa pwesto ng pagiging valedictorian.

Naging busy ang buwan ng Enero, sunod-sunod ang major exams, may mga projects pa at thesis bagaman nabawasan ang quizzes, assignments at exercises. Hindi halos kami magkita-kita sa bahay, school-bahay na lang kasi ang lagay namin ni Naih. Parating nakakulong sa kwarto para mag-aral nang mag-aral. Nang dumating naman ang buwan ng Pebrero, buwan ng mga puso, ay hindi ko naiwasang isipin si Sensui. Lalo na kapag may nakikita akong couple, naaalala ko siya. May Valentine's party, obligado akong pumunta dahil DT member ako. Pero nagdahilan akong may sakit kaya hindi ako um-attend. Alam ko ring si Sensui ang special guest nang gabing 'yon, hindi ko alam kung hinanap niya ako. Wala akong pakialam. Nang dumating ang buwan ng Marso ay 'tsaka ko naramdaman ang kaluwagan. Pakiramdam ko ay may natanggal na lubid na ilang buwan ding sumasakal sa 'kin. Lahat kami ay nakakapagtawanan na ulit. Hindi gaya no'ng mga nakaraang buwan na halos lahat ay nagiging halimaw kapag kinausap. Nagagawa na uli naming maggala, matapos nga lang ng graduation pictorial at rehearsal namin ay pumunta kaming magkakaibigan, kasama si Lovemir, sa Subic para mag-unwind.

At ngayon, habang ang lahat ng estudyanteng magtatapos ay nakaupo sa gymnasuim ay hindi ko na maipaliwanag ang saya. Ang ngiti ko ay talagang umaabot sa tenga, hindi ko pa man natatanggap ang diploma. Ang araw na pinakahihintay ng lahat, pinakahihintay ko, ang araw nang pagtatapos namin bilang high school. Hindi ako makaramdam ng lungkot, ilang taon ko kasing hinintay 'to. At nandito man o wala si Sensui ngayon, bale-wala na sa akin dahil para sa akin 'to. Para sa sarili ko. Masaya ako para sa sarili ko.

"Kanina ka pa nakangiti, ah?" pabulong na ani Lovemir, gulat akong napalingon sa kaniya. **"Lalo ka tuloy gumaganda."**

"Tss."

"Tigilan mo 'yan, baka imbes na sa unahan ako tumingin ay mapunta sa iyo ang buo kong atensyon."

"Loko." Nakangiti akong nag-iwas ng tingin.

Natuon ang paningin ko kay Naih at doon nawala ang ngiti ko. Mabilis na nangunot ang noo ko nang makitang umiiyak siya. Tiningnan ko ang speaker, si Mr. Faller, sandali ko ring pinakinggan ang sinasabi niya. Alinman sa mga sinabi niya ay walang nakakaiyak.

"Woi," kinalabit ko siya. **"Baket umiiyak ka?"**

"Grabe, proud na proud ako sa sarili ko, Max!"

"Tss. Eh, baket nga umiiyak ka?"

"Kase syempre, nasa akin na ang lahat, 'no! Iba 'yong feeling! At saka mami-miss ko ang BIS!"

"Eh, dito ka pa rin naman mag-aaral, 'di ba?"

"Oo nga, pero alam mo 'yon, nakaka-miss ang high school."

"Eh, di bumalik ka. Tss."

"Hinde na, 'no!"

Alphabetically arranged ang mga silya. Maliban sa amin nina Migz, Lovemir, Naih at dalawa pa sa kaklase namin na pare-parehong nasa unahan dahil may matatanggap na honors at may speech. Si Naih ang valedictorian, si Lovemir naman ang salutatorian, ako ang third honorable mention. Sina Michiko at BJ ay magkatabi rin ng kinauupuan at hanggang dito sa kinauupuan namin ay nariring ko ang mga biro ng bakla.

Kanina pa man ay nagbabatian na kami. Si Migz ay hindi matahimik dahil nami-miss niya na raw ang pagiging emcee. Matagal din bago siya nakapag-emcee, dahil maraming events ang na-cancel at pinalitan na lang ng iba't ibang activities. Ang emcee ngayon ay freshman, babae at hindi nalalayo ang ugali kay Migz, mahilig din magpatawa. Tuloy ay puro katatawanan ang simula ng seremonyas.

"Grabe, tingnan mo ang mommy ko, proud na proud siya sa 'kin. At kahit na hinde sabihin ni ate ay halata naman sa mukha niyang proud din siya sa 'kin! Psh!"

Nilingon ko ang pamilya ni Naih, mababakas nga sa mukha ng mga ito ang paghanga sa kaniya. Hindi ko naiwasang tingnan ang pamilya ko na nasa hilera lang din ng mga ito. Nagniningning ang mga mata nila gaya ng ibang mga magulang na naro'n. Tiningala ko si Chairman Moon na noon ay nasa entablado, natigilan pa ako nang makitang nakatingin na siya sa akin.

Walang katumbas ang saya sa dibdib ko nang makita kong muli ang napakaganda niyang ngiti. Masaya siya para sa akin.

"Nasa'n nga pala ang relatives mo, Lovemir?" dada ni Migz, sabay-sabay kaming napalingon sa katabi kong si Lovemir.

"Oh, Mr. Limaco!" nangibabaw ang tinig ni Chupan sa tagiliran namin. Gwapong-gwapo sa sarili sa suot na barong. **"Nasaan ang mga magulang mo?"**

"Sir?" biglang natuliro si Lovemir. Nagpalinga-linga at halatang hindi malaman ang sasabihin. **"They're not here, Sir."**

"Ano? Bakit?"

"They can't come." Nagbaba ng tingin si Lovemir matapos sabihin 'yon. Napatitig ako sa kaniya. Hindi ko naisip na posibleng walang um-attend na relative niya ngayong graduation. Masyado akong naging abala at dahil sa naging maganda ang samahan namin ay parang wala na akong naalala.

"Aba, eh, hindi pupuwede iyon, sino ang magsasabit sa iyo ng medalya? Sino ba naman ang umiri sa iyo at napakairesponsable? Napakatalino mong bata para pabayaan ka!" Hindi na yata mawawala ang pang-iinsulto sa ugali ni Chupan. Gusto ko siyang singhalan pero masyado nang natuon kay Lovemir ang atensyon. Halatang naiinis siya sa lecturer pero masyado siyang napapahiya sa mga nakakarinig sa sinabi nito. **"Oh, siya, aakyat ako, ako na ang magsasabit sa iyo."** Sabay-sabay kaming napatingala kay Chupan matapos sabihin iyon. Pero hindi na niya kami nagawang tingnan dahil tinalikuran niya na kami.

Nasaksihan ko pa nang sundan ni Lovemir ng tingin ang lecturer. Napatitig ako sa mukha niya at makikita rin do'n ang pagtataka. Nang umayos siya ng upo ay napaiwas ako ng tingin. Nang hindi siya kumibo ay muli ko siyang tiningnan nang palihim.

"Baket hinde pupunta ang mga magulang mo, Lovemir?" inosenteng tanong ni Naih.

"Patay na ang nanay ko, wala akong tatay," kaswal na sagot ng lalaki, walang emosyon.

"Nasa'n ang tatay mo?" hindi ko napigilang magtanong.

Tumitig siya sa 'kin. **"Hindi ko nakilala ang tatay ko."**

"Ang tatay-tatayan mo?"

"Nasa impyerno." Iyon lang at nag-iwas na siya ng tingin. Tumingala sa entablado at umastang nakikinig kahit parang wala namang naririnig. **"Nang gabing 'yon ng bagong-taon, nagtanong ako..."** Mayamaya ay

nagsalita ulit si Lovemir. **"Bakit kailangang maging ganito ang buhay ko? Anong kasalanan ba ang meron ako no'ng unang buhay ko, para maghirap ako nang ganito ngayon? Tch."** Natatawa siyang umiling. Natitigilan akong napatitig sa kaniya. **"Hindi ako masaya sa buhay ko, Maxpein. Naranasan kong maging masaya, pero binawi agad ang sayang 'yon. At pinalitan nang matinding kalungkutan."**

"Baket mo ba sinasabe 'yan?"

"Hindi ko rin alam. Naramdaman ko lang na gusto kong sabihin." 'Tsaka siya tumingin sa 'kin.

Napatitig ako sa kaniya nang matagal. Totoong lungkot ang nabasa ko sa mga mata niya. Matibay siya, hindi man lang nangilid ang mga luha niya. Kung iba marahil ang kaharap niya ay posibleng paniwalaan ang pekeng ngiti niya. Masyadong mapanlinlang ang gwapo niyang mukha.

"Naiipit ako sa dalawang bagay, ang paggawa ng mabuti at paggawa ng masama. At nakakatawang isipin na sa edad kong 'to, hindi ko alam kung paanong piliin ang tama."

"Lovemir," hindi ko napigilan ang sarili kong hawakan ang kamay niya. **"Gawin mo ang tama,"** hindi ko malaman kung bakit nando'n ang pag-asam sa tinig ko. **"Tutulungan kita."**

Tumitig siya sa 'kin. **"Paano mo 'yon magagawa?"**

"Magtiwala ka sa 'kin."

Ngumiti siya. **"Bakit ko ibibigay sa iyo ang aking tiwala, hindi ba't hindi mo nga iyon magawa?"** Natigilan ako. **"Pero 'wag kang mag-alala, hindi ko kalilimutan ang sinabi mo."** Muli niyang itinuon ang paningin sa harapan.

"Members of 2001 graduating class!" anunsyo ng emcee, sabay-sabay kaming napaayos ng upo habang pumapalakpak. Hindi ko mapigilan ang sarili kong maya't mayang lingunin si Lovemir. Nag-aalala ako na hindi ko maintindihan.

At nang minsan ko pa siyang tingnan ay nahagip ng paningin ko si Sensui na noon ay nakaupo sa tabi ng stage kasama ang mga kaibigan niya. Magkakrus ang mga braso, nakapandekwatro at masamang-masama ang tingin sa akin. Pailalim at sobrang dilim niya kung tumingin. Sinulyapan niya pa si Lovemir bago muling tumingin sa akin.

Ang mga tingin na nagmamay-ari sa 'kin. Tss. Seloso.

"Our third honorable mention, Ms. Maxpein Zin del Valle - Moon!" anunsyong muli ng emcee. Hindi ko inaasahang babanggitin niya ang

ikalawang apelyido ko. Nang lingunin ko ang Chairman na may maganda pa ring ngiti ay hindi na ako nagtaka.

Nangibabaw ang matinding palakpakan, mayamaya lang ay sinasabayan na nila 'yon nang pagsigaw ng aking pangalan. Tumayo ako at humarap sa mga kapwa ko estudyante, nakangiti akong tumango sa kanila ng ilang segundo. At nang muli akong bumaling sa harapan ay nawala ang ngiti ko, hindi ko inaasahang naro'n si Sensui sa mismong harap ko.

"What?" inis kong tanong.

Pero hindi siya sumagot. At sa halip ay inilahad ang kamay sa akin. Nalilito kong tinanggap iyon, inakay niya naman ako paakyat sa entablado. Hindi ko inalis ang paningin sa kaniya hanggang sa maglakad kami sa stage. Gusto kong magtanong pero kakain ng oras 'yon. Nahinto kami nang iharap niya ako kay Dean Enrile.

"Congratulations!" bigay na bigay sa pakikipagkamay si Dean Enrile.

"Congratulations, apo," niyakap ako ni Chairman Moon matapos akong sabitan ng medalya at makipagkamay sa akin.

"Congratulations," hindi ko inaasahang matapos ng Chairman ay sasalubungin ako ng yakap ni Sensui. At mas ikinagulat ko pa nang bigla niya akong halikan sa noo. **"I'm so proud of you, baby babe."** Bahagya siyang yumuko para salubungin ang mga mata ko, animong sinisilip ako.

"Kiss!" sigaw ng mga estudyante, gulat akong napalingon sa mga iyon. Nahagip pa ng paningin ko si Maxrill na paulit-ulit itinataas si Hee Yong sa ere, astang hahalikan ako.

Nang muli kong tingnan si Sensui ay huli na para makabawi ako, nahalikan niya na ang labi ko. Ang dampi ng halik na iyon ay agad na pinangunot ang noo ko. Naghiyawan tuloy ang mga naro'n at ang tili ni Mrs. Enrile ang pinakanangibabaw.

"Ano 'yon!" angil ko.

"Diploma mo," ngumisi siya at saka lumabi.

"Our high school salutatorian, Mr. Lovemir Limaco!" muling anunsyo ng emcee, hudyat na kailangan ko nang magpatuloy sa pagbaba ng stage. Nilingon ko pa ang Chairman, hindi man lang nagbabago ang maganda niyang ngiti. Hinalikan ko siya sa pisngi, bagay na ikinagulat niya, bago ako nagpaakay kay Sensui pababa ng stage.

"Sira-ulo ka, hinde ko nagustuhan 'yon ginawa mo," pabulong kong sabi habang nakangiti, hindi ko ipinapakita ang inis ko.

"Baka dahil nabitin ka? Pwede ko namang dagdagan mamaya."

Sinamaan ko siya ng tingin 'tsaka ako ngumiwi. **"Ano?"**

"Oh, 'yong noo mo," aniya na inayos kunyari ang nakakunot kong noo. Nag-iwas ako ng tingin. **"'Wag mo ngang ipakita sa maraming tao kung paano kang magpa-hard to get sa 'kin, Taguro. Tch."**

Tinaasan ko siya ng kilay. Gustuhin ko man siyang singhalan ay napatingin ako sa entablado. Talagang si Chupan ang nagsabit ng medal niya. Umakbay pa ang lecturer na para bang tunay silang mag-ama. Kakatwang makikita naman ang paghanga sa mga mata ni Chupan. Hindi na kataka-taka ang paghangang 'yon, sa buong klase niya ay talagang nanguna si Lovemir. Walang tanong na hindi nito nasagot. At madalas kaming maglaban-laban sa scores nina Naih pero hindi siya kailanman nahuli. Nakakagulat lang para sa 'kin dahil hindi ako sanay na ganito si Chupan.

Tss. Me' puso rin pala siya, tanso nga lang.

"Our high school valedictorian, Ms. Zarnaih Marchessa!" anunsyong muli ng emcee, eksaktong nakabalik ako sa silya.

Umiiyak na tumayo si Naih, nagulat pa ako nang bigla niya akong yakapin. **"Alam ko, Max! Alam kong proud na proud ka sa 'kin! Salamat!"**

"Tss," napailing muna ako bago natawa. **"Oo na, proud na ang lahat sa 'yo. Beauty and brains, bibihira 'yan."**

"Mayaman din kami, isama mo 'yan," aniya na pinapahid ang mga luha.

"Congrats," sabi ko na muling niyakap siya. **"Umakyat ka na, 'wag kang iyak nang iyak at baka walang makinig sa speech mo."**

"I love you, best friend!" aniya habang naglalakad papalayo sa 'kin.

Natatawa akong umiling habang sinusundan siya ng tingin. Pareho silang OA ng mommy niya kaya nag-iyakan pa muna sila sa stage bago masabitan ng medalya at maabutan ng diploma. Maraming tatanggaping award si Naih kaya paniguradong makukuba siya sa dami ng medalyang isasabit sa kaniya.

Nagtagal ang seremonyas, syempre, mahaba ang speech ni Naih. Mas marami pa ang sinabi niyang kalokohan kesa sa importanteng banggitin. Maikli lang ang speech ko, ang ilan ay pasasalamat at karamihan ay pawang kayabangan. Syempre rin, hindi nawala ang ngiwi sa mukha ni Chupan, magdamag 'yon habang nagsasalita ako. Mas maikli ang speech ni Lovemir,

mas matagal pa ang itinili ng mga babae kesa sa pagtayo niya sa entablado. Naging emosyonal naman ang lahat nang si Migz na ang magsalita.

Hinanap ng mga mata ko si Sensui nang matapos ang graduation ceremony, pero hindi ko na siya nakita. Tanging sina Tob at Lee na lang ang naro'n, hindi ko magawang magtanong dahil sa hiya. Gusto kong mainis dahil hindi ko siya makita pero mas pinili kong maging masaya lalo na nang makaharap ko ang pamilya ko.

"At last..." Sinalubong ako ni Maze, nagyakap kami. **"Hindi na ako makapaghintay na mabasa at mapanood ito sa pahayagan. Ang nag-iisang babae ng pamilyang Moon ay nakapagtapos na rin ng high school. Congratulations, Maxpein."**

"Thank you, Maze," nakangiti bagaman pormal kong tugon. Sunod-sunod ang pagbati at pasasalamat ko sa pamilya namin, masarap pala talaga sa pakiramdam na proud sila.

"Masaya ako para sa iyo," nangibabaw ang tinig ni Heurt mula sa likuran ko. Nakangiti ko siyang hinarap pero agad din akong natigilan nang makitang nangingilid ang mga luha niya. **"Hindi ko maipaliwanag ang saya, hindi ko rin masabi ang laman ng puso't isip ko. Masyadong umaapaw ang kasiyahan ko makita kang magtapos sa kabila nang mga pinagdaanan mo. Kahit wala ako. I am proud of you, Maxpein. Congratulations."**

"Salamat, Heurt." Nagyakap din kami.

"Oh, paano? Mauuna na kami sa mansyon at paniguradong darating na roon ang mga bisita," ani Mokz. **"Sabay-sabay na kayong pumunta ng mga kaibigan mo,"** dagdag niya na niyakap ako at hinalikan sa noo. **"Hindi na makapaghintay sa iyo ang regalo mo, Maxpein."**

Nauna na ang mga Moon sa mansyon, naiwan kami nina Naih sa school para makipagbatian sa ilan pa naming kaklase at mga lecturer. Kakaiba ang pakiramdam ko, para pa rin akong nakalutang. Hindi ko magawang alisin ang paningin sa hawak kong kulay kahel na diploma case, bagaman hindi pa naman tunay na diploma ang laman niyon. Ang logo at pangalan ng BIS ay nakasulat sa harap niyon, noon lang gumanda sa paningin ko ang tatak na 'yon.

Iginala ko ang paningin sa kabuuan ng school. Ang bawat dapuan ng paningin ko ay nagbibigay sa akin ng alaala, malungkot man o masaya. Lalo na nang matanaw ko ang building namin, ang mismong gawi kung saan kami unang nagkita ni Sensui. Mabilis na nag-flashback sa isip ko ang

sandaling pinatid niya ako. Nang lingunin ko naman ang covered side walk kung saan kami nagkasalubong nang minsan ni Sensui ay hindi ko naiwasang mapailing. Maging ang Batibot ay nagbigay ng iba't ibang alaala sa akin, pati na rin ang clinic, ang quadrangle, ang flagpole, library, gym, at field. Lahat.

Kaliwa't kanan ang bumabati sa akin, ginagantihan ko naman sila ng ngiti at pagbati. Nang nakaraang graduation ko, primary, ay hindi ako nakaramdam ng saya. Si Maxwell lang kasi ang pumunta at nakasama kong umakyat sa entablado. Pero ngayong kasama ko ang buo kong pamilya, hindi ko maipaliwanag ang pakiramdam. Ang tuwa at saya na nabasa ko sa mga mukha at mata nila ay nagdudulot ng kakaibang pakiramdam sa akin. Para bang ako ang pinakamagaling. Hindi ako naghangad ng titulo, masaya akong napunta kay Naih ang unang puwesto. Mas naging masaya nga lang ako na makuha ang ikalawa.

"Congratulations." Nangibabaw ang tinig ni Sensui sa likuran ko. Nagulat ako dahil ang inaasahan ko ay wala na siya. Hindi ko napigilang ngumiti nang lingunin siya. Kahit hindi niya ipakita ang ngiti sa labi, nakikita ko iyon sa mga mata niya.

"Salamat," muli akong ngumiti.

Humakbang siya papalapit sa akin at tiningnan ang kabuuan ko. **"Bagay na bagay sa 'yo."** Doon pa lang siya ngumiti. **"Anong gusto mong regalo?"**

Nag-isip ako kunyari 'tsaka muling tumingin sa kaniya. **"Kontento na 'ko sa kung anong meron ako."**

"Kahit wala ako?"

"Tss. Wala ka nga ba?" tiningnan ko ang kabuuan niya.

"Break na tayo, 'di ba?"

"Matapos no'ng ginawa mo kanina, anong saysay ng tanong mo? Baket pakiramdam ko ay akin ka pa rin, at sa 'yo pa rin ako?"

Tumitig siya sa 'kin, may kaunting ngisi sa labi. **"Ang sarap pakinggan,"** humakbang uli siya papalapit sa akin. **"Patunayan mo naman."**

"Ako talaga ang kelangang magpatunay?"

"Ikaw ang nakipaghiwalay."

"Hinde ka na ba makapaghintay?"

Bumuntong-hininga siya. **"Binabawi mo na ba ang mga sinabi mo, Taguro?"**

"Me' narinig ka ba?"

"Eh, di 'wag mong isiping may naghihintay sa 'yo." Ngumisi siya at saka tinalikuran ako.

Nawala ang ngisi sa labi ko, inis ko siyang sinundan ng tingin. Nilaro niya pa ang susi sa daliri, pinaikot-ikot iyon hanggang sa tuluyang makalayo.

"Let's go? Maraming naghihintay sa 'tin," ani Maxwell.

Tumango lang ako at saka tinawag ang mga kaibigan ko. Sabay-sabay kaming pumunta sa parking lot. Hindi na namin naabutan si Sensui ro'n kaya bahagya akong nalungkot. Magkikita rin naman kami sa mansyon dahil sa maliit na salo-salo na inihanda ni Maze para s amin.

"Magkita na lang tayo sa mansyon," nakangiti kong baling kay Naih. **"Sabay-sabay na kayo, kay Maxwell na lang ako sasabay."**

"Sige! Tara na, guys!" ani Naih.

Pinanood pa muna namin ni Maxwell ang paglayo nila. Kumakaway si Naih sa akin habang papalayo sila, nakangiti naman akong tumango-tango habang si Maxwell naman ay nakapamulsa at tatawa-tawa sa tabi ko dahil sa kakulitan niya. Nawala lang si Naih sa paningin ko nang may makasalubong silang puti na van, naharangan ang sasakyan nina Lee at Tob kaya bumaling na lang ako kay Maxwell.

"Graduate na ako," nagmamalaki ang mga ngiti ko.

"And we are so proud of you, Pein. 'Sabagay, parati naman," nakangisi niyang tugon. **"Sa tigas ng ulo mo, ang totoo ay hindi na ako umasang bibigyan mo pa ng halaga ang pag-aaral mo, lalo na ang diploma na gustong-gusto mong makuha."**

Nginiwian ko siya. **"Masipag ka lang talaga kaya ang akala mo ay tamad ako."**

"I never said you were lazy. But I thought you prefer kicking ass than studying."

"Tss. Baket ko naman uunahin ang pakikipagbasag-ulo kesa sa pag-aaral, kung napagsasabay ko naman?" mayabang kong tugon.

"Pein?" nangunot agad ang noo niya.

Natawa na lang ako. **"Masarap pala talaga sa pakiramdam 'to,"** sabi ko na hinawakang muli ang toga na suot ko, at hindi ko alam kung may balak akong hubarin pa. Sinipat ko ang aking kabuuan nang may ngiti sa labi, hindi pa rin makapaniwala. **"Pakiramdam ko ay me' narating na agad ako, kahit wala pa naman."**

"But this is a good start, Pein. I know you can achieve more, you deserve your dreams."

"Tss. Masiyadong mainit ang hapon para sa drama, Maxwell."

"I'm not into dramas, you're just getting emotional." Lumabit siya. **"Wait for me here, I'll get the car,"** aniya na tinapik ako sa ulo, ngumiwi ako at saka tumango.

Pinanood ko ang paglayo sa akin ni Maxwell, papunta sa kotse niya. Napangiti ako dahil kahit hindi niya naman sabihin ay alam kong proud siya sa akin. Humakbang pa ako para makadaan ang mga estudyanteng nahaharangan ko pala ang daraanan. Nakipagngitian pa ako sa mga iyon, bagay na hindi ko naman ginagawa noon. Sinundan ko sila ng tingin, mga tuwang-tuwa at masaya sa pagtatapos kagaya ko. Aliw na aliw sa mababasang paghanga sa mga mata ng magulang na kasama nila.

Matapos niyon ay napalingon ako nang may humintong sasakyan sa harap ko. Pero agad na nawala ang ngiti ko nang makitang hindi sasakyan ni Maxwell iyon. At agad na nangunot ang noo ko nang sa isang iglap ay may lumabas na apat na lalaki, pawang may takip ang mukha, at padarag akong hinila papasakay sa van. Humarurot agad papalayo ang sasakyan. Hindi ko nagawang magpumiglas nang pakiramdaman ko sila at pag-aralan. Pero hindi ko na nagawa iyon nang tuluyan nang takluban nila ng manipis na itim na tela ang buo kong mukha. Naramdaman ko na lang nang talian nila gamit ang makapal na lubid ang parehong kamay ko at paa.

Napapikit ako at humugot nang malalim na hininga. Nang pakawalan ko iyon ay nangibabaw na sa pandinig ko ang tunog ng cellphone, hindi iyon sa akin.

"Yes, boss," anang boses ng isang lalaki. Pakiramdam ko ay iyong nasa harapan. **"Walang nakasunod sa amin, boss."** Batid kong lumingon pa ito sa likuran ko, dahil mas lumakas ang boses niya kompara kanina. **"Hindi kami nahirapan, hindi man lang siya lumaban,"** pabulong niya pang dagdag. **"Okay, boss."**

"Sa'n niyo 'ko dadalhin?" mayamaya ay tanong ko, walang sumagot sa akin. **"Tss."** Ngumisi ako. **"Talagang wala kayong patawad, hinde niyo man lang hinayaang makasama ko ang pamilya ko sa espesyal na araw na 'to--"**

"Manahimik ka na lang!" walang-habas akong dinagukan sa likuran ng katabi ko!

Sobrang sakit no'n, napaubo ako nang bahagya. Kaya hindi na ako nagsalita. Pinakiramdaman ko na lang ang paligid at pilit na inaaninag kung alin man ang aking makikita. Pero bukod sa liwanag at animong aninong gumagalaw ay wala na akong makita. Ang nipis ng tela ay para lang makahinga ako, pero walang pakinabang ang nipis no'n para may makita ako.

Mahaba ang biyahe. Hindi ko iyong nagawang orasan pero hindi na ako magtataka kung may dalawang oras kami sa kalsada. Ang tanging natatandaan ko ay isang oras at kalahating sementado ang daan, unang tollgate, tuwid na daan, isang zigzag, ikalawang tollgate, kumaliwa at saka dumeretso, sampung segundong dumaan sa riles ng tren, sampung minutong lubak na kalsada at panibagong beinte minutos na sementadong daan.

Marahas nila akong ibinaba ng sasakyan, halos hindi ko na maramdaman ang puwit ko dahil sa pamamanhid. Maging ang mga kamay at paa ko ay nangingimay na.

"Paano ako maglalakad nito kung nakatali ang paa ko?" tanong ko.

"Kalagan mo ang paa niyan," utos ng nasa harapan ko. Bagaman hindi ko sila nakikita, dahil naro'n pa rin ang taklob, nararamdaman ko kung ilan at nasaan sila.

"Napakaimportante ko namang tao, andameng sumundo sa 'kin," nakangising sabi ko.

"Itali mo sa leeg ang lubid niyan," utos muli ng lalaking iyon. Ginawa naman ng mula sa kaliwa ko iyon. **"Masyadong madada."**

Hindi sobrang higpit nang pagkakatali niya sa leeg ko, pero sapat na 'yon para maging iritable ako. Bahagya kong hinila ang braso ko nang marahas nila akong akayin. Nang lumuwag ang pagkakahawak nila ay 'tsaka lang ako sumabay na maglakad.

Naramdaman ko ang dilim nang may pasukin kami. Mukhang makipot na rin ang daan dahil halos maggitgitan kami ng dalawang nasa tabi ko. May apat na nasa likuran ko, dalawa sa tabi at dalawa pa sa harapan. Walo lahat ang kasama ko.

Mayamaya lang ay may naririnig na akong tugtog, modernong kanta na sa sobrang lakas ay parang binabayo ang dibdib ko sa lakas ng beat. Kumaliwa kami at mayamaya lang ay mas malakas na ang tugtog, hindi ko na halos marinig at mapakiramdamang maigi ang paligid.

Muli kaming pumasok sa panibagong kwarto, doon ay may liwanag na. Hindi ganoon kaliwanag pero hindi hamak na mas maliwanag kesa sa pinasukan namin kanina. Narinig kong sumara ang pinto, nabawasan ang kabog sa dibdib ko na idinudulot nang malakas na tugtog.

Sapilitan akong iniupo ng dalawa sa tabi ko sa kahoy na silya. Matapos no'n ay inalis ang lubid sa leeg ko at basta na lang hinablot ang tabing sa ulo ko. Napapikit ko, unti-unti kong sinanay ang paningin ko sa liwanag. At ang plano kong pagngisi ay agad na nawala nang makita ko si Cargosin sa kabilang dulo nang mahabang mesa na siyang nasa harapan ko ngayon.

Salamin ang paligid. Para kaming nasa interrogation room sa unang tingin. Bakante ang mahabang mesang nasa harapan ko, tanging ang magkahawak na kamay ni Cargosin ang nasa ibabaw niyon. Nakasuot siya ng itim na suit, pormal na pormal at malaki ang iginandang lalaki kompara sa dati. Wala na ang tumutubong balbas sa baba at tumutubong bigote sa pagitan ng labi at ilong niya. Malinis na siyang tingnan, may dahilan na para hindi ko pagtakhan kung paano siyang naging kapatid ni Eerah.

Kung hindi dahil sa mga mata niya ay posibleng hindi ko siya makilala. Totoong guwapo si Cargosin, masama lang talaga ang ugali at kung ano-anong kapalpakan ang gumugulo sa isip.

"Kumusta, Maxpein?" nakangising tanong niya. **"It's been a while. Long time, no see."**

Nakangiti akong ngumisi. **"Parati tayong nagkikita, 'wag mo nang itanggi."**

Umangat ang tabi ng kaniyang labi, sumilay ang maputi at matalas niyang pangil. **"Ganoon ba? Kung ganoon ay nakikita mo rin pala?"**

"Hinde madaling magtago sa ganitong mata, Sin." Sumandal ako sa kinasasadlakang silya 'tsaka gumaya sa mga kamay niya. Ipinatong ko ang pareho kong kamay na nakatali pa rin, pinaghawak ko ang mga iyon para lumaas ang mga buto sa puno ng mga daliri ko.

"Congrats, graduate ka na."

"Salamat."

"Kumusta ang pakiramdam mo?"

"Ayos naman, sana, kung hinde ka nakita," nakangisi ko pa ring sagot.

"Iwan niyo na muna kaming dalawa," utos niya nang hindi inaalis ang ngiti, nang hindi inaalis ang tingin sa akin. Agad na nagsipagsunuran ang

mga tuta niya at nang mawalang isa-isa ay 'tsaka siya uli nagsalita. **"Alam mo ba kung bakit narito ka?"**

"Hinde. Sasabihin mo ba?"

"Interesado ka ba?" aniya na biglang inilabas at inilapag ang isang kuwarenta y singko na baril sa mesa.

Ngumiwi ako. **"Kung hinde mo sasabihin ay iisipin kong ganito kalake ang interes mo sa 'kin."**

Ngumiwi rin siya. **"Wala akong interes sa iyo pero natutuwa ako sa ugali mo. Masyado kang matalino. Pero ano ang magagawa mo sa ganiyang sitwasyon?"** nakangisi niyang tiningnan ang mga kamay ko.

"Kapag nakawala ako dito..." Sinabi ko iyon nang nakatingin sa mga kamay ko. 'Tsaka ko sinalubong ang mga titig niya nang may ngisi sa labi. **"Hihilingin mong sana kanina pa lang ay binaril mo na ako."**

"Oohh..." Natatakot kunyari siyang umungol. **"Lima ang bala ko, ang apat ay para sa iyo. At ang isa ay para sa ulo ng taong mahal mo."**

Doon nawala ang ngiti sa labi ko. **"'Wag kang magsayang ng segundo kapag ako ang kaharap mo. Isang lingat lang, Cargosin, magkakapalit tayo ng pwesto."**

Hindi siya sumagot at agad akong kinabahan nang mabilis niyang pulutin ang baril! Ngunit mas nagulat ako nang bigla niya iyong iputok at dumaplis iyon sa kaliwang braso ko. Naramdaman ko ang pag-init ng bahaging iyon ng katawan ko mayamaya lang. Sinadya niya iyong padaplisin, sa ganoong paraan ipinararating sa akin na hindi siya mag-aalinlangang gawin ang sinabi. Mabilis kong naramdaman ang hapdi, para akong hiniwa sa braso gamit ang bala.

"Oras na tumayo ako rito ay hihilingin mo rin na sana ay hindi mo na pinahaba pa ang buhay ko. Na sana ay pinatay mo na rin ako noon, gamit ang lakas at yabang mo. Na sana ay hindi mo na ako binigyan ng ikalawang pagkakataon."

"Dalawa nga lang ba ang pagkakataon na meron ka? Sa pagkakatanda ko ay hindi lang dalawang beses na pinatakas kita."

"Talagang nagmamalaki ka pa?"

"Hinde ako pumapatay ng tao, Cargosin," seryoso kong sinabi. Nawala ang ngisi sa labi niya. **"Pero dahil hinde naman kayo tao, ayos lang kung ang kauna-unahang tao na mapapatay ko ay mula sa pamilya niyo."**

Tumayo siya bigla at inihampas ang parehong kamay sa mesa. Galit at pailalim siyang tumitig sa akin. **"Tama na ang satsat, Maxpein Moon! Gawin mo!"**

"Kalagan mo 'ko," seryosong utos ko.

"Hindi ako inutil na gaya mo," mariing aniya.

"'Wag mo isiping inutil ako dahil hinde ko lang inilalabas ang talino ko sa 'yo."

Ibinaba ko ang kamay ko at sinimulang paglaruin ang mga daliri ko. Masyadong mahigpit ang pagkakatali sa lubid, nahihirapan ako. Nang mamataan kong pulutin niya ang baril ay bigla kong naihiga ang sarili ko! Bumukaka ako at isinandal ang pareho kong hita sa magkabilang paa ng mesa. 'Tsaka ko sinipa nang malakas ang ilalim na gilid ng mesa dahilan para tumayo iyon at paharap na mahulog sa kaniya! Pagulong akong tumayo at bago pa man niya magawang itulak ang mesa ay sinipa ko na door knob ng pinto dahilan para mag-lock iyon.

Nang sumigaw si Cargosin ay patakbo akong lumapit at sinipa ang ilalim ng mesa dahilan para mauntog siya. Narinig ko ang kalansing ng hinugot na espada kaya tinambangan ko siya. Nang iangat niya iyon sa ere ay agad kong isinangga ang dalawang kamay ko dahilan para siya mismo ang makaputol sa lubid. Nagulat siya.

"Hinde ko malaman kung alin sa mga sinabe mo ang paniniwalaan ko, iyong pagiging matalino ko o iyong inutil na sinabe mo." Mabilis ko iyong sinabi habang nakikipagpatentero sa kaniya. **"Pero hinde na 'yon mahalaga, dahil gano'n din naman ako sa 'yo. Minsan ay matalino ka, madalas ay tanga."** Hindi niya inaasahan ang pagtalon ko, eksaktanong pagtapak sa mesa at saka malakas na sinipa ang mukha niya. **"Pakikitaan kita ng mahika, ang lahat ng hawak mo, mapapasakamay ko."**

Muli akong pumatong sa silyang kanina ay kinauupuan niya. Hinila ko ang neck tie niya at saka tinuhod siya sa mukha na sa sobrang lakas ay agad na dumugo ang ilong niya. Nahinto siya para pahiran ang sariling ilong pero pagharap niya sa akin ay agad kong sinipa ang dibdib niya. Na sobra ring lakas ay malakas na kalabog ang idinulot nang humampas siya sa salamin! Patakbo akong lumapit at bago niya pa ako magawang tingnan ay naagaw ko na ang pareho niyang espada. Sinipa ko ang tagiliran niya dahilan para tumalon ang baril na hindi maayos sa pagkakasabit. Patalon ko iyong sinipa papunta sa likuran ko.

Galit na galit siyang tumingin sa akin, humahangos. Pero bago pa man siya gumawa ng kilos ay mabilis akong umikot para bigla siyang sipain. Gumulong papatalikod si Cargosin sa sobrang lakas niyon at nagawa niya mang tumayo ay bigla rin siyang natumba dahil sa hilo. Itinuon niya ang kaliwang kamay sa nakatumbang silya at tinulungan ang sariling tumayo. Pero bago pa siya muling makaharap sa akin ay patalon ko nang sinipa ang baba niya at bago siya tumumba ay dinagukan ko ang dibdib niya. Napadura siya ng dugo sa sobrang lakas pero hindi na niya uli nagawang kumilos. Hinila ko siya sa kurbata at inginudngod sa mga nabasag na salamin!

"Binuhay ako para makipaglaban, Cargosin. Pero ang isang bagay na ipinagbabawal sa aking kakayahan ay ang kumitil ng buhay ng mga tulad mong animal. 'Wag mong sagarin ang pasensya ko, umabot ka na sa limitasyon ko." Gigil na gigil ko 'yong sinabi. Nanginginig nang sobra ang mga kamay ko at gustong-gusto ko siyang ingudngod sa mga bubog.

"Te voy a matar! Te mataré!" bulyaw niya at saka puwersahang umikot, kahit masakal pa, upang sipain ako!

Pero bago niya pa magawa 'yon ay patalon na akong umatras sa likod at sinuntok ang mukha niya dahilan para kusa siyang mangudngod sa mga bubog.

"Ah!" malakas na palahaw ang nangibabaw sa buong kwarto. At kasunod no'n ay isang malakas na kalabog.

Huli na nang lumingon ako ay may naramdaman na akong tumarak sa likod ko! Napahawak ako sa likuran, pilit ko 'yong inaabot pero nabigo ako. Dahan-dahan akong napalingon sa likuran at bago pa man tuluyang mawala ang paningin ako ay nakita ko na si Christian.

HINDI KO ALAM kung gaano katagal akong nakatulog pero nang magising ako ay nakaupo na ako sa silya at parehong nakatali ang mga kamay at paa ko. Malabo pa rin ang paningin ko, hindi agad masanay sa dilim ng paligid ko. Sunod-sunod akong napaubo, naliliyo ako at parang bangag na bangag sa hindi malaman kung anong dumadaloy sa dugo at utak ko.

Pero mabilis akong bumalik sa huwisyo nang unti-unti ay masanay ang mga mata ko sa dilim. Mas mabilis pang nangunot ang noo ko sa aking mga nakikita. Agad na kumalabog ang dibdib ko sa kaba at naging mababaw ang mabilis kong paghinga. Pakiramdam ko ay kakapusin ako ng hininga sa sobrang takot. Pinalilibutan ako nang malalaking gagamba! Sobrang dami

ng mga ito at sobra ring laki. Napapikit ako nang maramdaman ang ilan sa paanan ko. Gumagapang at unti-unting pinapatay ang gising kong huwisyo.

Sa bawat paa na nararamdaman ko ay mas kinakapos ang paghinga ko. Ito ang higit na kinatatakutan ko, higit kaysa sa mga malalaking isda o malalaking bagay. Ang malalaking gagamba ang posibleng dahilan nang kamatayan ko. Pumikit ako pero muling nakita ang mga iyon nang magmulat ako ng mga mata. Lalo na nang maramdaman ko ang ilan na unti-unting naglalakad papaakyat sa mukha ko. Naitikom ko ang aking bibig at napatitig sa kisame kung saan naro'n ang marami pa nilang kasama. Doon nagkaroon nang kaunting liwanag dahila para lalo akong matakot, doon ko lalong nakita ang naglalakihang mga gagamba! Tuloy ay hindi ko magawang tingnan kung sino ang nasa pintuan, muli akong napapikit sa sobrang takot. Agad na nangilid ang mga luha ko at hindi ko na kayang pigilan pa, mapapahiyaw na ako sa sobrang kaba!

Pero bago ko pa magawa iyon ay may kamay nang sumakop sa bibig ko. Malabo ang paningin ko, nagdoble pa ang paningin ko bago ko magawang aninagin ang nagmamay-ari ng kamay na 'yon.

Lovemir? Hindi ako makapaniwala!

Pero hindi ko magawang makapag-isip nang tama dahil panay ang pag-iwas ko sa mga gagamba na noon ay nasa iba't ibang parte na ng mukha at katawan ko. Ang mga daliri sa paa ko ay nagsisipagbaluktutan na, gano'n na rin ang mga nasa kamay ko. Isa-isang pinagtatapon ni Lovemir ang mga nasa mukha ko, pinagpag niya ang ilang nasa katawan ko. 'Tsaka niya ako mabilis na kinalagan habang paulit-ulit na nililingon ang pintuan.

"'Wag kang gagawa ng ingay," aniya na tinulungan akong tumayo pero agad na nanghina ang mga tuhod ko.

Hindi ko kayang tumayo sa kabila ng nakakabaliw kong paligid. Hangga't naro'n ako, hangga't nakikita ko ang mga gagamba, hindi rin babalik sa normal ang buo kong sistema.

"Maxpein, you have to move," pabulong niyang singhal.

Luhaan akong napailing na siyang nakapagpakunot sa noo niya. Hindi niya ako makuha, hindi niya ako maintindihan. Nilingon niya ang mga gagamba bago muling tumingin sa 'kin na puno nang pag-aalala. Hindi ko inaasahang bubuhatin niya ako, ilang beses niya pang inayos ang pwesto ko bago siya nagsimulang maglakad papalabas ng kwarto. Hindi ko pa rin magawang kumilos, nararamdaman ko pa rin ang ilang gagamba sa katawan ko at lalo akong binabaliw ng mga iyon.

Hind ko alam kung gaano katagal kaming naro'n sa loob, hindi ko na rin namalayan kung ano ang mga ginagawa niya dahil nanghihina ako nang sobra. Namalayan ko na lang ay nasa labas na kami, sa likuran bahagi ng mataas na gusaling mukhang abandonado. Ibinaba niya ako at isa-isang inalis ang mga natitirang gagamba sa katawan ko. Nananatili akong nanginginig at tulala sa kung saan.

"Maxpein!" inalog niya ang mga balikat ko. **"Ano?"** litong-lito niyang tanong. **"Kailangan mo nang makaalis dito."** Pero hindi ko nagawang sumagot, nanatili akong tahimik na umiiyak habang nakatitig sa kaniya. **"Maxpein, kailangan mo nang umalis dito!"** mas malakas na bulong niya habang inaalog pa rin ang mga balikat ko.

Dalawang beses niyang tinapik ang mukha ko. Tiningnan pa uli kung may mga gagamba sa katawan ko bago siya muling humarap sa 'kin.

"Alam na nila ang mga kahinaan mo, huwag ka nang magtaka. Kailangan mo nang umalis dito, at huwag mong aalisin sa paningin mo ang ni isa sa mga taong mahal mo. Magtiwala ka sa akin, kahit ngayon lang. Kahit huli na ang lahat, Maxpein. Kailangan ko ang tiwala mo."

"Pa'no ka?" lutang ko pa ring sagot.

"Bahala na, ang mahalaga ay makalayo ka na rito. Dalhin mo ang motor ko," aniya na inilagay ang susi sa kamay ko. **"Kailangan mo nang makaalis bago pa sila makabalik dito."**

"Hinde kita iiwan dito."

"Hindi pwede!" angil niya na patuloy ang paglingon sa abandonadong gusali. **"Ilalagay mo ang buhay mo sa peligro. Umalis ka na rito!"**

"Hinde ako aalis nang hinde ka kasama," giit ko.

Naubusan siya ng pasensya. **"Hindi pwede! Kung hindi, ay pareho tayong mapapahamak!"**

"Hinde bale nang mapahamak tayong pareho, basta hinde ako aalis nang hinde ka kasama!"

Hinawakan niya ang pareho kong balikat, mariin at tinitigan ako ng masama. **"Hindi mo naiintindihan, Maxpein. Masama akong tao! Katulad nila ako!"**

"Kung totoo ang sinabe mo, baket mo ginawa 'to?" Natigilan siya sa sinabi ko. **"Sumama ka sa 'kin, pagtulungan naten 'to. Ipapaliwanag ko sa pamilya ko."**

"Hindi," umiling siya nang umiling. **"Hindi ang pamilya mo ang puntirya ko. Dahil hindi ang pamilya mo ang pumatay sa nanay ko.**

Umalis ka na rito."

"Love--"

"Umalis ka na!" singhal niya na mas pinagmadali ako nang may matunugan kaming paparating na sasakyan.

Nanlaki ang mga mata ko, at bagaman nanghihina pa rin ay sumunod na ako. Nawawalan ako ng pag-asa. Alam kong kaya ko siyang isama, kaya ko siyang ialis doon. Pero hindi ko maintindihan kung bakit mas pinili niyang magpaiwan.

"SESANGHE!" bulalas ni Mokz nang halos gumapang ako papasok sa bahay. **"Palli!"** sigaw niya sa mga tauhan na dali-daling lumapit para buhatin ako papasok ng mansyon.

"Oh, my God! Maxpein, what happened?!" bulalas ni Yaz.

"Girls, girls, please, leave us alone," ani Mokz na sapilitang pinalayo sina Naih.

Pinagpahinga nila ako, pinagsilbihan, bago tuluyang tinanong. Ipinaliwanag ko ang lahat nang nangyari, hindi ko alam na halos limang oras akong nawala. Ang sabi ni Mokz ay umalis ang mga bisita, hindi nila alam kung saan daw ako nagpunta dahil maging si Maxwell ay hindi nakita kung paano akong nakuha. Kaya naman matapos kong magkwento ay pare-pareho silang gulat na gulat sa nangyari.

"Kumilos ka, Heurt, pupuntahan naten ang Chairman ng mga Enrile," sabi ko bagaman hinang-hina pa rin.

"Pwede naman nating ipagpabukas 'yan, Maxpein, hindi maganda ang lagay mo."

"Nanghihina lang ako, pero kaya ko," giit ko. Napapikit ako nang maalala ang pakiramdam nang ginagapangan ng mga gagamba. Iyon talaga ang matindi kong kahinaan, ang bagay na paulit-ulit na pumapatay sa akin sa t'wing babangungutin ako simula maliit.

Tumitig sa akin si Chairman Moon, naro'n ang matinding galit sa mga mata niya. Alam kong nag-alala siya nang sobra, nakahinga matapos uli akong makita, pero nasisiguro kong ngayon ay galit na galit siya.

"Tama siya," ani Mokz. **"Ngayong nagpakita na uli sila ay hindi na tayo pwedeng magsayang pa ng oras. Pupuntahan natin ang mga Enrile."**

Naligo ako at nagpalit ng damit. Mayamaya lang ay nasa byahe na kami papunta sa bahay ng mga Enrile. Hindi mawala sa isip ko si Lovemir. Gusto

ko siyang tawagan pero nag-aalala akong baka iyon ang ikapahamak niya. Pero gustong-gusto kong masiguro kung maayos ang lagay niya.

Nag-text ako sa kaniya na may laman na tatlong tuldok.

"Oh, Maxpein!" Si Mrs. Enrile ang nagbukas ng gate para sa amin. Litong-lito siya nang makitang buong pamilya kaming sumugod sa kanila. Mga seryoso at walang mahihitang pasensya sa mukha.

"Nais naming makausap si Chairman Enrile," magalang na sabi ni Chairman Moon.

Pinatuloy kami ni Mrs. Enrile. At dahil hindi nga nila inaasahan ang pagdating namin ay pare-parehong nagulat ang mga naro'n. Kompleto sila, maliban sa isa, si Sensui. Pero hindi na ako nagsayang ng oras para hanapin siya. Agad akong naupo sa sofa, nakaalalay agad sa akin si daddy bagaman maliban sa daplis sa braso ko ay wala naman akong tama. Ang presensya ng mga gagamba sa isip ko ang nakapagpapahina sa buong katawan at sistema ko.

Lumapit si Chairman Enrile, umalis naman si Randall at ang kaniyang pamilya, gano'n na rin si Manang. Si Mokz ang nagpaliwanag sa kaniya sa mga nangyari. Hindi siya makapaniwala, at tumitig sa akin nang may pagpapaumanhin.

"Pero hindi ko maintindihan kung ano ang kinalaman nang mga nangyayari sa akin," anang Chairman. **"Hanggang ngayon ay hindi ko maintindihan kung bakit ako ang sinisisi sa mga pangyayaring ito."** Litong-lito siya.

"Kayo ang puntirya ng mga Rewis, Chairman Enrile," sabi ko. **"Ano ang kinalaman ninyo sa nangyaring pagsabog?"**

"Aling pagsabog?"

Napailing ako. **"Iyong pagsabog sa harap ng BIS? Iyon lang ang natatandaan kong pagsabog, Chairman. Ano ang kinalaman niyo ro'n?"**

"Hindi ko alam, Maxpein, maniwala ka sa akin. Wala akong kinalaman doon."

Napasandal ako sa kawalang pag-asa. Totoong wala akong nalalamang pagsabog bukod do'n. At sa hitsura ng Chairman ngayon ay mukhang nagsasabi naman siya ng totoo.

"Kelangan nateng mapaamin si Taylor," mayamaya ay sabi ko.

"Isang masamang balita, Maxpein," si Heurt ang sumagot. **"Nakatakas si Taylor."**

Gulat akong nag-angat ng tingin sa kaniya. **"Ano?"**

"Nang hindi ka namin makita ay ginalugad namin ang buong bahay at doon namin nalamang nawawala siya. Hindi namin alam kung kailan pa, at kung gaano na siyang katagal na wala ro'n," paliwanag naman ni Mokz. Bumaling siya kay Chairman Enrile. **"Nasa amin ang lalaking iyon na nahuli natin sa Palawan, pero kanina ay nakita naming wala siya sa mansyon kung saan naming siya ikinulong."**

"Sesanghe," pabulong na sagot ng Chairman.

"Kailangang malaman natin ang lahat ng pinag-ugatan ng mga nangyayari." Nagsalita si Chairman Moon. Napalingon naman agad ako sa kaniya bagaman nakababa ang kaniyang tingin. **"Hindi maaaring kinakaya-kaya tayo ng mga iyan. Hind na ito nakabubuti. Maaaring hindi lang isa, kung hindi marami, ang mapahamak."**

Napatitig ako sa kaniya, galit talaga ang Chairman. Pero sa pagkakatitig ko sa kaniya ay napansin ko ang salamin sa kaniyang likuran. Kung saan naaninag ko naman si Sensui. Naglilinis ito ng mga sasakyan sa kabila nang papadilim ng hapon. Nangunot ang noo ko nang makitang naka-shorts lang ito at walang pang-itaas na baro. May hawak siyang hose at malaking sponge na puno ng bula.

Imposible namang hinde niya 'ko nakikita? Tss!

Sa isang lingon lang ay makikita niya kami, hindi maliit ang bintana kundi malaki. Maliwanag din sa loob at ako mismo ang unang masisilip kung sino man ang tumingin doon. Imposible ring hindi niya ako makilala dahil nakatali ang mga buhok ko ay pamilyar sa kaniya ang jacket na suot ko.

Pero ganoon na lang ang gulat ko nang bigla niyang itutok ang hose sa ibabaw ng ulo niya at nakapikit na pinaglakbay ang kanang kamay mula sa mukha papunta sa mabuto namang dibdib niya. Lumaki man ang katawan niya, kapag binanat iyon ay paniguradong lalabas pa rin ang ribcage niya.

Tss. Feeling...

Pero mas nagulat ako nang bigla siyang magmulat at eksaktong tumama ang mga mata sa akin! Agad akong nag-iwas ng tingin. Hindi ko maipaliwanag ang kaba na biglang nabuhay sa dibdib ko. Mayamaya ay muli ko siyang nilingon, nakatalikod na siya sa akin. At ang likuran naman ang paulit-ulit niyang pinupunasan gamit ang palad. Pero hindi rin nagtagal at muli siyang humarap at halos manlaki ang mga mata ko nang sa

ikalawang pagkakataon ay nagtama ang mga paningin namin. Gaya kanina ay bigla akong nag-iwas ng tingin.

Sira-ulong 'to...gumagano'n na siya ngayon, ah? Ha!

"Maxpein? Maxpein!" natinag ako sa boses ni Mokz. **"You're not listening!"**

"Me' iniisip ako," seryosong palusot ko.

"Posible ang sinabi ni Heurt," kunot-noong aniya.

"Ang alin? H-Hinde ko narinig, abala ako sa pag-iisip," pinanindigan ko ang pagiging seryoso.

Sinulyapan ni Heurt si Sensui dahilan para mapabuntong-hininga ako, bago niya ako tiningnan. **"Ang sabi ko ay posibleng may nangyaring pagsabog bago ang nangyari sa harap ng BIS. Posibleng habang abala tayong lahat ay may ibang nangyari, hindi natin alam, hindi ba?"**

"Posible nga, pero...ano nga ang kinalaman ni Chairman Enrile ro'n?" muli akong bumaling kay Chairman Enrile.

Pero agad din akong natinag nang biglang maglakad si Sensui sa harap namin na para bang wala kami ro'n. Parang alipin na sinundan ko siya ng tingin. Tumutulo ang mga tubig sa buong katawan niya. Ang magulo niyang buhok ay mas pinalakas ang dating niya, lalong pinapula ang mga labi niya.

Natutuliro akong nag-iwas ng tingin at saka bumuntong-hininga. **"Sino ang nagpasabog?"** biglang tanong ko. Sabay-sabay namang napalingon sa akin ang lahat. **"Sino?"**

"Nasaan ba ang isip mo?" seryosong tanong ni Mokz.

"Ha?"

"Maxpein, hindi nga natin alam kung sino ang nagpasabog, bakit kami ang tinatanong mo? Nasaan ang isip mo?"

Napailing ako. **"I'm sorry, nadala lang ako ng emosyon ko. Sa sobrang pag-iisip."** Napapikit ako sandali. *Tss.* Kinalimutan ko ang presensya ni Sensui.

Pero bago ko pa man mapagtagumpayan iyon ay muling dumaan si Sensui. May maliit na towel na nakapatong sa ulo, nananatiling basa at walang baro. Naglakad siya papunta sa kusina at pagbalik ay may hawak ng baso. Magpapatuloy sana siya sa pag-akyat nang bigla niya kaming lingunin. Napatingin sa kaniya ang ilan, pero nasa akin ang kaniyang paningin. Hindi nagbago ang blanko niyang mukha habang nakatingin kami sa isa't isa. Pasiring niyang inalis ang paningin sa 'kin bago tuluyang umakyat.

"Bakit kaya hindi tayo magtanong-tanong sa mga pulis?" suhestyon ni Maze.

"Pwede rin namang sa mga ospital," suhestyon ni daddy. **"Kung matindi ang pagsabog ay hindi imposibleng iisa lang ang naaksidente. Posibleng may ibang mga nadamay at maaaring dinala sa ospital ang mga iyon."**

Ospital. Tama! Nawala ako ng ilang...buwan. **"Randall!"** biglang tawag ko.

Tatayo na sana ako nang biglang lumingon si Sensui at galit na tumitig sa 'kin. **"Ano na naman!"** singhal niya.

"Ha?" inosenteng sagot ko. **"Inaano kita?"**

"Kahit kailan ay abnormal ka, Taguro!"

"Ano?" singhal ko.

"Yes, Pein?" lumabas mula sa itaas si Randall. Galit naman itong nilingon ni Sensui bago muling tumingin sa 'kin. **"Why?"** nalilitong tanong ni Randall na nagpapalipat-lipat ang tingin sa akin at kay Sensui.

Nilingon ko si Sensui na noon ay masamang-masama na ang tingin sa 'kin. **"We need to talk,"** baling ko kay Randall.

"Taguro!" sigaw ni Sensui.

"Ano?" naiinis kong sagot.

"Ano na naman ba?"

"Inaano ba kase kita?"

"Alam mong ayaw kong--"

"Me' pag-uusapan kameng importante!"

"Ano?" humakbang siya pababa at tuluyang humarap sa 'kin. **"Anong sasabihin mo diyan sa ex mo?"**

"Sasabihin kong mahal kita. Tss. Umakyat ka na, payatot," angil ko 'tsaka tiningala si Randall na noon ay litong-litong naglakad pababa. Nakita ko pa kung paano siyang sinamaan ng tingin ni Sensui.

Nang lingunin ko ang mga kasamahan kong nasa 'baba ay gusto kong mapahiya. Lahat sila ay mga nakalapat ang mga labi na para bang gusto akong bulyawan bigla. Sa halip na magpaliwanag ay hinarap ko si Randall na litong-lito pa rin kung ano ang nangyayari.

"Ano 'yon?" tanong niya nang tuluyang makalapit sa 'kin.

"Me' importante akong itatanong sa 'yo, kelangan ko ang matindi mong memorya--"

"Hindi ko marinig ang sinasabi mo sa kaniya, Taguro!" palag na naman ni Sensui.

Nauubos ang pasensyang tiningala ko siya. **"Hinde mo ba nakikitang seryoso kame dito? Pwede bang umakyat ka na lang?"**

"Ang sabi mo ay sasabihin mo diyan sa ex mong mahal mo ako, hindi ko marinig! Gusto kong marinig!"

"Anak ng tokwa namang..." bulong ko. Muling nahagip ng paningin ko ang pamilya kong noon ay masama na ang tingin sa akin. **"Hintayin mo 'ko sa 'taas, mag-uusap lang kame,"** pakiusap ko. **"Please!"** dagdag ko nang akma siyang magrereklamo. Sumama lalo ang paningin niya at padabog na umakyat sa 'taas.

"Kinakabahan naman ako sa inyo," seryosong ani Randall na nilingon pa ang pamilya ko bago muling tumingin sa 'kin.

"Me' pagkakataon ba na naka-duty ka sa ospital at me' dumating na mga pasyenteng may kinalaman sa pagsabog ang pagkakaaksidente?" tanong ko na binabantayang maigi ang reaksyon niya.

Sandali siyang nag-isip. **"Oo, no'ng nakaraan taon."**

Kinilabutan ako nang matindi at hindi ko alam kung bakit. Napalunok ako at napahawak sa mga braso niya. **"Natatandaan mo ba kung kelan 'yon?"**

"Kung hinde ako nagkakamali ay 'yon 'yong araw na nanganak si Dein," nilingon niya pa si Chairman Enrile.

Nanganak si Dein? Pilit kong inaalala ang sandaling 'yon. **"Wala ako no'n,"** wala sa sariling sabi ko.

"Yeah, wala ka no'n sa ospital. Pero dumating ka no'ng graduation ni Deib Lohr, 'di ba?"

Nag-angat ako ng tingin kay Randall. **"Oo. May mga naaalala ka ba tungkol do'n?"**

Napailing siya. **"Sa tingin ko ay mas maganda kung si Maxwell ang kakausapin mo. Kasi natatandaan ko, siya ang nagyaya sa 'kin no'ng oras na 'yon. May nangyaring pagsabog sa Sta. Rosa. Mass casualty kaya kailangan ng maraming medical team--"**

"Si Maxwell?" hindi makapaniwalang tanong ko, inosente naman siyang tumango. Napapabuntong-hininga akong bumaling sa pamilya ko. **"All this time, siya ang me' alam? King inang 'yan..."**

"Maze, papuntahin mo ang anak mo rito," utos ni Chairman Moon.

"Dinner is ready," lumabas mula sa kusina si Mrs. Enrile. **"Sabay-sabay na tayong mag-dinner."** Bago pa man kami makatanggi ay isa-isa na nilang inilabas ni Manang ang mga putahe sa dining area. **"Maxi, baby, pakitawag naman si Deib Lohr ko, please?"**

"Sige, tita," nakangiting sabi ko. Sinulyapan ko pa muna si Chairman Moon na noon ay umiiling na bumuntong-hininga. Tumango ako bago tuluyang tumalikod sa kanila.

Patakbo akong umakyat sa 'taas. Huminga pa muna ako nang malalim bago tuluyang kumatok. Nang bumukas ang pinto ay sinalubong ako nang masamang tingin ni Sensui at matalas niyang nguso. Mukhang nakaligo na siya, nangangalingasaw na kasi ang pamilyar na amoy ng sabong gamit niya. Pero gaya kanina ay wala pa rin siyang pang-itaas, nakalabas pa ang itim na garter ng boxer shorts na pinaibabawan niya ng cotton pants.

"Kakain na," sabi ko. Sa halip na sumagot ay pinagbuksan niya ako. **"Ang sabe ng mommy mo ay tawagin kit--"** Hindi ko na nagawang tapusin ang sasabihin ko nang bigla niya akong hilahin papasok at isandal sa kasasara lang na pinto.

Umabante siya papalapit dahilan para maisandal ko ang ulo ko sa pinto. Bahagya ko pang naitagilid ang ulo ko nang ilapit niya ang mukha sa akin. Naaamoy ko ang mabango niyang hininga dahilan para maitikom ko ang mga labi ko. Nang maramdaman ko sa pisngi ko ang ilong niya ay lalo akong nag-iwas ng tingin. Tumingin ako sa kaliwa, sa kanan at sa itaas. Iniwasan kong tumingin sa ibaba.

Paulit-ulit kong ginawa 'yon hanggang sa mapabuntong-hininga siya at hawakan ako sa magkabila kong pisngi para matigil sa paggalaw ang aking mukha. Sapilitan niyang iniharap ang mukha ko sa kaniya dahilan para mapatingin na lang ako sa mga mata niya.

"Bakit ba kung saan-saan ka tumitingin, eh, nandito ako?" pabulong na aniya.

"..." Wala akong nasabi, napangiti na lang ako.

"Why do you keep on staring at me, and then avoid looking at me right after being caught? You think I can't see you? I do. If you're no longer in love with me, then please stop making me feel that you still are, Taguro."

"Kakain na," halos masinok na sabi ko.

"Pwede bang dessert muna?" bulong niya habang nakatingin sa mga labi ko.

"Ha?" napapalunok kong sabi.

Doon siya tumingin sa mga mata ko at bago pa man ako makapalag ay sinunggaban niya na ako. Agad kon nahugot ang sariling hininga at napatalikod. Narinig kong bumuntong-hininga siya, naramdaman ko naman ang hininga niyang papalapit sa tenga ko. Mula sa likuran ay hinawakan niya ang kanang pisngi ko gamit ang kaniyang kaliwang kamay. Sa ganoong sitwasyon niya ako marahang iniharap sa kaniya. Hindi na siya nakapaghintay pa. Sinimulan niyang halikan ang gilid ng labi ko, habang papaharap ako, hanggang sa tuluyan niyang sakupin ang buo kong labi.

Naramdaman ko agad kung gaano naming pinanabikan ang halik naming pareho. Halos hindi kami huminga, paulit-ulit na sinisiil ang labi ng isa't isa. Naramdaman ko nang hawakan niya gamit ang parehong kamay ang leeg ko. Mas idinidiin ang labi ko sa kaniya na para bang napakalayo ko. Hindi ko malaman kung saan ihahawak ang mga kamay ko, nararamdaman ko sa braso ko ang balat ng katawan niya dahil sa kawalan ng baro.

Mayamaya ay siya rin ang kumilos. Hinawakan niya ang pareho kong kamay at itinali ang mga 'yon sa batok niya. Naramdaman ko ang pareho niyang kamay bewang ko, paulit-ulit na pumisil do'n habang sinisiil ang labi ko.

Hindi ko maipaliwanag ang pakiramdam, para bang hindi na 'yon pamilyar sa 'kin at bukod do'n ay may panibagong pakiramdam na hindi ko matukoy. Ilang saglit pa ay bigla niya akong binuhat, kusang yumapos ang mga hita ko sa bewang niya at gamit ang tiyan ay mas idiniin niya pa ako sa likuran ng pinto. Mas mataas na ako sa kaniya, ako na ngayon ang nakayuko para halikan siya.

Nang hindi inaasahang bitawan niya ang labi ko ay napahabol pa ako sa labi niya. Napapahiya ko siyang tiningnan sa mga mata.

"You're an addiction that I always fail to resist. I'm addicted to your kiss, Maxpein. I love you."

Akala ko ay titigil na siya pero nagkamali ako. Muli niya akong dinampian ng halik sa labi. Bahagya niyang kinakagat ang labi ko, hihilahin at saka ngingisi. Paulit-ulit niyang ginawa 'yon na para bang totoong adik na adik.

"Tama na nga," palag ko at saka naghumahog na bumaba.

"Gusto ko pa, eh!" reklamo niya.

"Alam ko," ngumisi ako sa kaniya at saka ko binuksan ang pinto. **"Pero tigilan na naten dahil baka malibang ako at pumayag ako sa kung**

anong gusto mo," nakangising biro ko, pinandilatan ko siya ng mata nang manlaki ang parehong paningin niya. Gusto ko tuloy matawa. **"Tara, kakain na."**

Nagmadali siyang sumunod sa 'kin. **"Ayusin mo 'yong buhok mo, baka isipin nila hinalikan kita."**

"Tss. Hinde ba?"

"Smack lang."

"Smack?" gulat akong napaharap sa kaniya. **"Smack lang 'yon?"**

"Gusto mo bang ipakita ko sa 'yo kung paano ang tunay na halik, Taguro?" inosenteng sabi niya na nagmadaling maglakad papalapit sa akin. Nagmadali rin akong umatras dahilan para hindi ko mamalayang iyon na pala ang unang baitang pababa ng hagdan! Halos huminto ang puso ko matapos niya akong masalo. Ngumisi siya sa akin nang todo. **"Mas masarap ka sigurong halikan kapag ganitong wala kang laban?"**

~To Be Continued. . .~

/

OceanofPDF.com

CHAPTER 214 (PRIVATE)

CHAPTER 214

SIN'S POV

"CARGOSIN! CARGOSIN!" nagising ako sa sunod-sunod na pagsigaw ni daddy habang tinatawag ang aking pangalan. Masakit pa ang ulo ko, naparami yata ang nainom kong alak. Maging si Christian ay natutulog pa sa sofa na katabi ng kinauupuan ko. **"Cargosin!"**

"Dad," sinikap kong tumayo nang makapasok siya sa madilim na kwartong kinaroroonan namin.

Galit siyang tumingin sa akin, magsasalita na sana siya ngunit iginala na muna ang paningin sa kabuuan ng kwarto. Lalong nangunot ang noo niya nang makita ang nagkalat na bote ng alak sa mesa na nasa aking harapan. Napabuntong-hininga ako kasabay nang pagkakamot ng ulo, napailing din ako nang madinig kong magmura siya. Nakita kong kumuyom ang mga palad niya nang makita ang nakahilata pang si Christian. Nagbaba ako ng tingin dahil alam kong magagalit siya. Pero ganoon na lang ang gulat ko nang tampalin niya ang mukha ko gamit ang likuran ng kaniyang palad. Mabilis na namanhid ang parteng 'yon ng mukha ko bago ko naramdaman ang sakit.

Agad kong nahawakan ang pisngi ko at nag-angat ng tingin sa kaniya. **"C-Chairman..."**

Humahangos siyang tumitig sa akin, pinalagatok pa muna ang kaniyang leeg 'tsaka nakapamaywang akong dinuro. **"Wala akong sinabi na magsitulog lamang kayo! Mga inutil!"** sigaw niya. Muli niya akong inambaan ng tampal ngunit agad akong umiwas.

Dali-daling lumapit si Eerah sa aming ama upang pigilan ito. **"Please calm down, dad,"** bulong niya pa. Pero hindi nagbago ang reaksyon ng Chairman, galit na galit siya at hindi ko iyon maintindihan.

"Ilang gabi na kaming puyat, Chairman, pasensya na." Nanatili akong nakayuko. **"Nagkayayaan kaming uminom ni Christian para makatulog agad. Sorry, dad."**

Ayaw ko nang sabihin sa kaniya ang naging engkwentro namin ni Maxpein bago ako makatulog. Ang totoo, uminom ako para mamanhid nang panandalian ang katawan ko. Bukod do'n ay gusto kong makalimutan ang nangyari, nagagalit ako sa sarili ko sa t'wing maaalala ko kung gaano kadali para sa babaeng 'yon na patumbahin ako't panghinain. Parang wala siyang kahirap-hirap, napakadali, napakabilis at matindi siya kung kumilos. Hindi biro ang sakit na idinulot ng mga sipa, suntok at tadyak ng babaeng 'yon. Umaabot sa buto at talagang nagtatagal ang sakit.

"Sorry?" nanggigigil niyang tanong. **"Mababago ba niyang sorry mo ang nangyari at nawala na? Bobo!"** Nagtataka ko siyang tiningala. Dinuro niya ang pinto, napalingon muna ako ro'n bago siya muling tiningnan. **"Nakatakas si Maxpein Moon!"** humihiyaw na sigaw niya, na sa sobrang lakas ay napabalikwas ng bangon si Christian.

"Ano?" sabay naming tanong ni Christian.

Nanggigigil akong dinuro ng aking ama habang masamang-masama ang tingin sa akin. **"Kapag hindi mo naibalik dito ang babaeng iyon, kayong dalawa nito ang papatayin ko! Mga inutil kayo!"** aniya na kaming dalawa ni Christian ang tinutukoy. Sinamaan niya pa muli kami ng tingin bago kami tuluyang iniwan. Agad siyang sinundan ni Eerah pero maging siya ay pinagsarhan nito ng pinto dahilan para kaming tatlo ang maiwan sa kwarto.

"Ano ba ang ginagawa ninyo!" pabulyaw na singhal sa ni Eerah. Nadinig ko pa ang paulit-ulit at maririing pagmumura niya. **"Bakit ninyo hinayaang makatakas ang babaeng iyon?"**

"Hindi namin alam na nakatakas siya," natutulirong ani Christian.

Hindi na ako nagsalita pa, sa halip ay dali-dali akong lumabas ng kwarto at nagtungo sa silid kung saan ko iniwan si Maxpein. Nanginginig ang kalamnan ko sa paggising ng galit sa aking dibdib. Pakiramdam ko ay hindi ko malaman kung ano ang gagawin.

Nandoon na ang ilan sa mga tauhan namin, kani-kaniyang bulungan at usapan. Mga nakatayo, paikot-ikot at nag-uusap na animong nagsisisihan at nagtuturuan pa. Ang mga gagamba na pinaghirapan naming makuha ay nagkalat na rin sa pasilyo, na siyang bumuhay lalo sa galit ko!

"Mierda!" sigaw ko. Ang lahat ay gulat na napalingon sa akin. Sa galit ko ay isa-isa kong sinapak ang bawat makasalubong ko hanggang sa lahat sila ay nakayuko nang humarap sa akin. **"Paanong nakatakas ang hinayupak na iyon, mga tanga!"**

"Hindi rin namin alam, Cargosin, maniwala ka," ani Mark.

Bumilis ang paghinga ko, kumuyom ang mga palad ko at napapikit ako sa galit! Nang hindi ko iyon mapigilan ay maging ang katabi kong salamin ay nasuntok ko hanggang sa mabasag.

"Imposible!" Dinuro ko si Mark. **"Nasaan si Taylor!"**

"Narito ako," nangibabaw ang tinig niya sa likuran ko. Padaklot kong hinila ang kwelyo niya at saka siya inilapit sa akin. **"Bitiwan mo ako, Cargosin."**

"Ang sabi mo ay takot sa gagamba ang babaeng iyon!"

"Iyon ang sabi ng bunso niyang kapatid, Cargosin." Ngumisi siya, pilit inaalis ang kamay ko sa kaniyang kwelyo. **"Ano ba ang ikinagagalit mo?"**

"Nakatakas si Maxpein!"

"Ano?" hindi siya makapaniwala.

"Papaano niyang natakasan ang daan-daang gagamba na ito ngayon kung natatakot siya sa mga iyon!"

Mas ngumisi si Taylor dahilan upang mas humigpit ang pagkakahawak ko sa kaniya. **"Sinabi ko naman na sa iyo, huwag kang magpakakampante sa babaeng iyon dahil ang imposible ay kaya niyang gawing posible!"** 'Tsaka nawala ang ngisi niya. **"Huwag kang umasta na para bang kami, at hindi ikaw, ang may kasalanan, Cargosin. Ikaw ang bantay, hindi dapat natutulog lang ang bantay."**

"Gago!" Sinapak ko siya sa sobrang galit. Gaganti na sana siya ng suntok nang pigilan kami ni Christian. **"Isa rin akong hangal nang paniwalaan at hayaan ko ang suhestiyon mong iyan!"**

"At ako ang sinisisi mo ngayon, Cargosin? At nasaan ka? Nasaan kayo upang bantayan siya?"

"Nakatulog kami," nakayukong sabat ni Christian, siya ang sumagot sa tanong ni Taylor.

Gusto ko ring magalit sa sarili ko. *Walang-wala na ba kaming paraan para umasa sa ganong suhestiyon ni Taylor? Gagamba? Mierda! Sinabi ko na nga ba't isang malaking kalokohan ang suhestyon niyang ikulong ang Maxpein na iyon sa kwarto na puno ng malalaking gagamba! Inutil!* Ngayon ay naiintindihan ko na ang pinagmumulan ng galit ng Chairman.

"Totoo ang sinabi ko, Cargosin. Takot siya sa gagamba." Sinamaan ako ng tingin ni Taylor, humahangos akong tumitig sa kaniya. **"Naging matagumpay ang plano natin na ikulong siya sa kwartong puno ng**

gagamba, pero nasira ang plano nang makatulog ka't hayaan siya ro'n!"

Hindi ko nagawang sumagot agad. Natitigilan akong napatitig sa mga mata ni Taylor maging sa kaniyang kabuuan. Napakayabang ng dating nang pagkakasabi niya sa aking ng linyang iyon. At hindi ko nagugustuhan ang narinig ko.

Malayong-malayo ito sa Taylor na nakilala ko.

Humakbang ako papalapit sa kaniya. **"Napakatagal mong nawala rito, Taylor. Hindi ka gumawa ng paraan para makabalik--halos magkandamatay kami sa pagtatangkang ipuslit ka sa mansion ng mga Moon. 'Tapos ngayon ay babalik kang hambog na rin? Mierda!"** Dinamba ko si Christian upang magpang-abot kami ni Taylor!

Nagpambuno kami na animong may matagal nang hinanakit sa isa't isa. Huminto lang kami nang pareho naming masapak ang isa't isa. Humahangos at galit na tumitig sa kani-kaniyang mga mata. Dinuro ko siya 'tsaka ako umabante, magsasalita na sana ako nang pangunahan niya ako.

"Pumalpak ka, Cargosin! Umamin ka na lang at huwag nang humanap pa ng ibang masisisi sa kapalpakan mo!" singhal niya.

Patakbo ko siyang nilapitan at muling sinapak hanggang sa matimbawang. **"Wala kang utang-na-loob!"** pasigaw kong sumbat.

Dagli siyang nag-angat ng tingin sa akin at humalakhak. **"Walang utang na..."** bulong niya at saka muling humalakhak. **"Sino ka ba sa tingin mo, batang puslit? Ano ang ipinagmamalaki mo? Ano ang meron ka na wala ako!"** bigla siyang tumayo at sumugod sa akin.

"Pakinabang!" sigaw ko at saka siya sinalubong ng sapak.

Ngunit nakailag siya at ako ang nasapak. **"Pakinabang? Ganoon ba kalaki ang pakinabang mo, Cargosin?"**

"Oo! Kompara sa iyo ay hindi hamak na mas kapaki-pakinabang ako!" Bigla ko siyang sinapak. **"Sa buong panahon nang paghihiganti natin, nasaan ka? Nasa mansion ng mga Moon at walang ginawa kung hindi ang makipag-asaran sa babaeng Moon! Hindi ba?"** gitil na gitil kong bulalas. **"Kayang-kaya mong gumawa ng paraan para makatakas, Taylor! Ilang beses ka nang pinanhik ni Lovemir doon para kalagan, pero ano ang ginawa mo? Nanatili ka ro'n para asarin lang ang Maxpein na iyon! Wala kang kwenta!"** Natigilan siya at mas tinaliman ang pagkakatitig sa akin. Dinuro ko naman siya. **"Hanggang ngayon ay hindi ko maintindihan kung bakit kailangang manatili ka pa ro'n kung**

saan may malaking tyansa ka nang makatakas! Imbes na maging mas matagumpay ang mga plano natin sa pagbabalik mo ay pinili mong manatili ro'n--para ano? Para makipag-asaran? At talagang tuwang-tuwa ka pa dahil naaasar sa iyo si Maxpein? Gago!"

"Talagang sasabihin mo ang lahat para lang iba ang lumabas na mali, at sa huli ay ikaw ang magmukhang tama, Cargosin. Ugaling-ugali mo na iyan noon pa man." Bagaman malumanay ay may diin ang pananalita ni Taylor. **"Bakit ba hindi mo na lang tanggapin na nagkamali ka at pumalpak? Bakit kailangang ibaling mo pa sa akin ang sisi? Sa tingin mo ba ay mabubura niyang pagmamalinis mo ang katotohanang nakatakas ang babaeng iyon dahil sa pagtulog-tulog mo?"**

"Tama na!" sigaw ni Christian ngunit walang nakinig sa kaniya.

"Sa simula pa lang ay palpak ka na, Cargosin. Dumadaloy na ang kapalpakan sa iyong dugo." Ngumisi si Taylor. **"Sa tingin mo ba ay mahuhuli ako ng mga Moon kung pinaandar mo nang ayos, at sa tamang ruta mo idinaan ang chopper mo? Wala sa plano natin ang pagbalik noon pero ipinilit mo. At sa tingin mo ba ay nakalimutan ko na kung paano kang lumihis sa plano nang oras na iyon?"** Bigla siyang sumeryoso. **"Sa pananatili ko ro'n ay nalaman ko kahit papaano kung gaano kadedelikadong tao ang kinalaban natin, Cargosin. At hindi iyon para sa akin, kung hindi para sa mga tulad mo na bara-bara kung kumilos!"**

Bigla ko siyang dinaklot sa kwelyo, gigil kaming nagtitigan. **"Baka nakakalimutan mong kahit mas nakatatanda ka ay tauhan lang kita, Taylor!"**

"Pero iisa lang ang pinagmulan natin, Cargosin. Iisa lang, at walang makapagpapabago niyon." Kinalas niya ang pagkakahawak ko. **"Bakit kaya hindi na lang tayo kumilos, imbes na magsisihan pa, Cargosin?"** Sumeryoso si Taylor. **"Walang magbabago kung magsisisihan tayo. Ngayong nakatakas na siya ay tayo na ang delikado. At hindi malabong bumubuo na rin ng plano ang mga iyon laban sa atin!"**

"Tama siya," sang-ayon ni Christian, lumapit siya at sapilitang pumagitna sa 'min ni Taylor. **"At isa pa ay nasisiguro kong wala ni isa sa atin ang may gustong mangyari ito. Tayo ang nagpabaya, Cargosin, huwag mong ibaling ang sisi sa iba."**

Bumuntong-hininga ako. **"Hindi tayo pwedeng kumilos ngayon. Paniguradong nakapagplano na nga ang mga iyon. At kapag sumugod tayo, tayo na naman ang talo."** Napatalikod ako sa kanila at naisabunot ang mga kamay ko sa aking buhok. Sunod-sunod kong pinagsusuntok ang pader sa sobrang galit.

Gusto kong sisihin ang sarili ko dahil mas pinili kong makatulog. *Hindi naman na lingid sa akin ang abilidad niya, bakit pa nga ba ako nagpabaya? Inutil!*

"Paano naman kayo nakasisiguro na nakatakas nga siya?" mayamaya ay sabat ni Eerah, sabay-sabay namin siyang nilingon.

Kunot-noo siyang nakatingin sa kwartong kinaroroonan kanina lamang ni Maxpein. Tiningnan niya rin ang mga gagambang gumagapang sa loob, at papalabas ng pintuan. Marahan siyang naglakad papasok sa kwarto habang iniiwasan ang naglalakihang mga gagamba, isa-isa naman kaming nagsipagsunuran. Pinulot ni Eerah ang lubid na ginamit naming pangtali sa mga kamay at paa ni Maxpein kanina. Hinimas-himas niya ang lubid habang nakatingin sa kung saan, nag-iisip. 'Tsaka niya iyon binitawan kung saan niya rin mismong pinulot kanina.

Sinipa niya ang mga gagamba at saka naupo sa silya. Inilagay niya ang parehong kamay sa likuran, ginaya niya ang posisyon ni Maxpein bago namin siya iniwan. Sa panonood ko ay nakikini-kinita ko na ang posibleng nangyari, maging ang nais iparating ni Eerah Anitha.

"Kung ako ang nakatali at kakalagan ko ang sarili kong kamay," nilingon niya ang sariling mga kamay. **"Dito mahuhulog ang lubid."** 'Tsaka siya yumuko. **"Kung kakalagan ko ang aking paa, dito ko rin iiwan ang lubid."** 'Tsaka siya tumayo. **"Magmamadali siyang tumakas, walang oras para ibato pa ang mga lubid."**

Sabay-sabay naming nilingon kung nasaan ang mga lubid. Agad na nanlaki ang mga mata ko nang makitang may kalahating dipa nga ang layo ng mga iyon sa silya. At hindi pa man nasasabi ni Eerah ang punto niya ay naisaisip ko na. Tama siya.

"Pero kung ibang tao ang magkakalag sa lubid, hindi imposibleng maitapon niya ito sa sobrang pagmamadali. Natural nang reaksyon 'yon." Matalim na tumitig si Eerah sa kung saan. 'Tsaka niya kami nilingon. **"May tumulong sa kaniyang makatakas sa tingin ko."**

"Sino?" mahinang tanong ko, nagsisimula na namang uminit ang aking ulo.

Umiling siya. **"'Yon ang kailangan nating alamin sa ngayon."**

Hindi ko malaman kung bakit bigla akong kinabahan. Napatitig ako kay Eerah, sumunod ay kay Christian, hanggang sa matuon iyon kay Taylor. Matagal akong napatitig sa kaniya at kung ano-ano ang pumasok na hindi magagandang bagay sa aking isip. Hindi ko tuloy namalayan nang bigla niya akong lingunin.

"Ano?" tumaas ang kilay na tanong ni Taylor. Hinarap niya ako nang nakapamaywang 'tsaka siya ngumisi. **"Alam ko ang iniisip mo at sinasabi ko sa iyo ngayon na tumigil ka na. Hindi mo alam ang galit ko sa babaeng iyon, huwag ako ang paghinalaan mo."** Bigla niya na lang kami tinalikuran at saka nagtuloy-tuloy papalabas ng kwarto.

"Kasama namin si Taylor kanina, nagpunta kami sa banko para withdraw-hin ang ilan sa mga ipon ko. Wala na tayong stocks kaya kailangan naming gawin iyon, at nauubos na rin ang laman ng banko ko," sabat ni Eerah. **"'Wag siya ang paghinalaan mo, Cargosin."**

Sinamaan ko sila ng tingin 'tsaka ko pinalis ang laman ng isip ko. Nilingon ko ang pinto kung saan lumabas si Taylor, at sa halip na sagutin si Eerah ay naglakad na lang din ako palabas. Pero hindi ko inaasahang naro'n pa sa labas si Taylor, gaya ng ilan sa mga tauhan namin, at nakatalikod sa akin. Sandali akong nagtaka 'tsaka ko tiningnan ang nasa harapan nila. Gano'n na lang ang gulat ko nang makita ko si Lovemir, nakapamulsa at inosenteng nakikipagtitigan kina Taylor at sa mga tauhan namin. Naramdaman ko ang paglapit nina Christian at Eerah sa akin pero hindi ko na sila nagawa pang pansinin. Napako na kay Lovemir ang paningin ko na noon ay para bang sawang-sawa na sa pagmumukha namin dahil sa ekspresyon ng kaniyang mukha. Napakalinis niyang tingnan sa kulay tsokolateng sweater, maayos na nakausli sa leeg ng sweater ang mga kwelyo ng suot niyang polo panloob. Maging ang khaki pants at brown leather boots niya ay nakakapanibago. Hindi siya ganoon kung manamit. Kung may itim nga lang na uniporme ay paniguradong iyon ang pipiliin niya. At gusto kong magpatawag ng handaan dahil isang himala ang pagpunta niya rito nang personal.

"Ano ang ginagawa mo rito?" tanong ni Christian, akmang lalapit kay Lovemir nang pigilan siya ni Eerah. **"Kailan ka pa narito? Ikaw ba ang nagpatakas kay Maxpein?"**

Napalingon ako kay Christian dahil sa huli niyang tanong. 'Tsaka nanlalaki ang mga matang nilingon muli si Lovemir. Bago pa man may

makapagsalita ulit ay agad ko nang tinabig ang mga nasa harapan ko at padarag na hinila si Lovemir sa kwelyo.

"Bakit mo pinatakas si Maxpein!" sigaw ko sa kaniya. **"Sinabi ko na nga ba't tama ang mga nasa panaginip ko! Wala kang gagawing mabuti, hindi ka magbabago! Puro ka lamang katarantaduhan!"** sigaw ko sa kaniya hanggang sa maghabol ako ng hininga.

Mabilis na tumaas ang kilay niya. **"Are you on drugs, Cargosin?"** inalis niya ang kamay ko. **"Let go of me."**

"Answer me!" singhal ko.

"Ipinatawag ko siya dito," sabat ni Eerah, galit ko siyang nilingon. Mabilis na siyang naglalakad papalapit sa 'min at bago pa ako makakilos ay pahablot niya nang inalis ang braso ko sa kwelyo ni Lovemir. **"What's wrong with you, Cargosin? Kanina ka pa, ah? Hindi naman bago sa iyo ang abilidad ni Maxpein, bakit namimintang ka pa? Hindi mo ba matanggap na natakasan ka niya?"**

"Shut the fuck up, Eerah!"

"Kailangan natin si Lovemir para kay Maxpein, Cargosin, kaya puwede ba?"

Galit kong hinarap si Eerah. **"Para kay Maxpein? Eh, traydor 'yan!"** dinuro ko si Lovemir.

"Look who's talking?" hinarap din ako ni Lovemir.

At bago ko pa napigilan ang sarili ko ay muli ko siyang dinaklot sa kwelyo at sinapak hanggang sa mapahiga siya kung saan ako naman ang nasa kaniyang ibabaw. Pinakahigpitan ko ang pagkakahawak sa kwelyo niya at sunod-sunod siyang pinagsusuntok hanggang sa mabilis na pumutok, mamaga at mamula ang pisngi, panga at mata niya.

"Cargosin, stop!" sigaw ni Eerah na paulit-ulit akong hinihila.

At huli na ang lahat nang magawa niya akong hawakan sa braso dahil nasiko ko na siya at napatimbawang sa sahig. Doon lang ako natigilan at galit na napalingon sa kaniya.

"What the hell is wrong with you!" sigaw ni Lovemir na mabilis akong itinulak, at mas mabilis pa na nakatayo upang tulungan si Eerah Anitha. **"Are you all right, Eerah?"**

Pero hindi siya nagawang sagutin ni Eerah, lumapit ito sa akin at sapilitan akong itinayo upang sampalin lamang. **"Asshole!"** gilalas niya. **"Why can't you just accept the fact that it was your fault? You're stupid kaya nakatakas ang isang 'yon! Natakasan ka niya, Cargosin!**

Natakasan ka niya!" pinaulit-ulit niya iyon nang may diin. **"Sinabi lang ni Taylor na takot siya sa gagamba--ang mga iyon na ang ginamit mong bantay niya? Baka nakakalimutan mong ikaw rin mismo ay hindi namin napigilang gawin iyon? Sino ngayon ang estupido? Nakatakas siya dahil mahusay siya at inutil ka! Iyon ang totoo, Cargosin! 'Wag mong hanapin sa amin ang pagkakamali dahil ikaw ang nagkamali at hindi kami!"** pasigaw na aniya, dinuro pa ako. **"Let's go, Lovemir. Magpakita ka na muna kay daddy,"** at saka niya tinalikuran kaming lahat. Nagmadali naman si Lovemir na sumunod sa kaniya kaya lalong nabuhay ang galit ko.

Sumama nang sumama ang tingin ko sa kanila, halos magsugat ang balat ko sa sobrang pagkakakuyom ng aking mga palad.

"Relax, Cargosin," lumapit sa akin si Christian. **"Matatapos din ang lahat. Matatapos din tayo."**

"Kaya mo nang kumalma dahil nandito na si Taylor." Tinaliman ko siya ng tingin.

Napabuntong-hininga naman siya. **"Maisasagawa natin nang ayos ang lahat, Cargosin. Kumalma ka lang."**

"Nararamdaman kong tatraydorin tayo ng lintik na Lovemir na 'yan, Christian. Masama ang kutob ko."

"Ganiyan lang ang pakiramdam mo dahil galit ka pa rin sa kaniya hanggang ngayon."

Hindi ko nagawang sumagot agad, inis ko siyang hinarap. **"Huwag mo 'kong pinangungunahan, Christian."** Buntong-hininga na lang ang isinagot niya.

"Sumunod na tayo sa kanila," pautos na sabi naman ni Taylor, nangunang sumunod kina Eerah at Lovemir kasabay ng mga tauhan. Inis ko silang sinundan ng tingin bago ako nagpaakay kay Christian.

Magkampi-kampi lang kayo, sa huli ay makikita niyo kung bakit ako ang tama imbes na kayo.

Gaya nang inaasahan ay nagulat ang Chairman matapos makita si Lovemir. Wala pa man ay halatang galit na siya, gigil na gigil na makita ang lalaki. Pareho silang nakaharap ni Eerah sa mesa ng aking ama, ito naman ay nakaupo at nakatingala sa dalawa. Mabilis na namuo ang tensyon, wala pa mang namumutawing salita. Umihip ang malamig na hangin sa kabila ng mga nakasarang bintana, 'sabagay, malamig ang abandonadong lugar na 'yon na ginawa na naming kuta. Nangingibabaw ang amoy ng tobacco na

nasa daliri ng aking ama. Pero hindi natatanggal ng amoy niyon ang masangsang na amoy ng abandonadong lugar.

"Ano na namang walang-kwentang balita ang dala mo?" pasinghal na sabi ng Chairman, si Lovemir ang kinakausap. **"Gagamba? Ha! Katarantaduhan!"** Sinamaan niya ng tingin si Taylor.

Tiningnan ko si Lovemir. Deretso siyang nakatindig, hindi man lang yumuko bilang paggalang sa Chairman. Nakababa man ang kaniyang paningin ay nagmamalaki ang kaniyang noo.

Walang-galang, animal!

"Alam mo bang nakatakas ang hinayupak na babaeng Moon, Lovemir?" nakangising tanong ng Chairman, batid naming galit siya. **"Kaya bago mo ako pagmalakihan ng iyong nalalaman ay siguraduhin mong kapaki-pakinabang iyan! Wala kang matinong nagawa kung hindi ang patakasin si Taylor! Bukod doon ay pulos ka kapalpakan! Kung ipagpapatuloy natin ang plano, ano ang kasiguraduhan kong hindi ka papalya, Lovemir? Ano ang garantiya kong sa amin ka at hindi sa kanila? Alam mong wala na akong tiwala sa iyong, animal ka!"**

"Dad," pumagitna si Eerah. Naglapat naman ang labi ko sa inis. **"Give him a chance to explain, dad. Panigurado namang makakatulong sa atin anuman ang sasabihin ni Lovemir. And besides, nakuha niya na ang tiwala ni Maxpein."** Sinamaan ko siya ng tingin ngunit hindi niya ako nagawang lingunin.

"Paano ka naman nakasisiguro na talagang pinagkakatiwalaan siya ni Maxpein?" si Taylor. **"Sa talino ng babaeng iyon, hindi mo mababasa ang mga kilos niya--lalo na ang laman ng kaniyang isipan. Delikado siya, iyon lang ang masasabi ko."**

"Sang-ayon ako," ani Christian. **"At bukod kay Maxpein ay naroon ang kaniyang ina."**

Ngumisi si Taylor. **"Ang kaniyang ina..."** Ibinulong niya. **"Paano ko nga bang makakalimutan kung gaano kagaling siyang umasinta? Sa layo ng pagitan ay nagawa niya akong tamaan ng bala. Ngunit kakatwang gaya ng kaniyang anak ay hindi man lamang sila kakitaan ng takot. Nagtataka ako kung ano ang misteryong meron sa kanilang pamilya,"** mahabang dagdag niya.

"Hindi ba nagkwento sa iyo ang batang Moon?" tanong ni Christian.

Nakangiwing umiling si Taylor. **"Marami siyang ibinahagi sa akin. Sa isang tanong ko ay napakarami niyang sinasabi ngunit alinman sa mga iyon ay hindi nasasagot ang tanong ko. Kaya sa halip na magtanong ay hinahayaan ko na lang siyang magkwento. Nagkakataon namang panay tungkol kay Maxpein ang kaniyang nababanggit, iniidolo niya ang kaniyang ate bagaman hindi niya rin umano masyadong mahuli ang ugali nito. Masyadong isip-bata ang isang iyon."**

Bumuntong-hininga ako. **"Sa tono nang pananalita ni Maxpein nang magkausap kami ay mukhang batid niyang nagmamatiyag pa rin tayo."** Nanliit ang mga mata ko habang nakatingin sa kung saan. **"Mukhang nararamdaman niya sa t'wing naroon tayo, at nagpapanggap lamang siyang walang nalalaman."**

"Paano iyong nangyari?" gilalas ng Chairman, muli akong napabuntong-hininga.

"Ang sabi ko naman sa inyo ay matindi ang babaeng iyon, malupit. Malakas ang pakiramdam. Kaunting bagay, nakukuha niya ang sagot sa mga kilos. Animong mayroong kakayahang magbasa ng isip base sa salita at kilos. Sadyang kakaiba," mahabang paliwanag muli ni Taylor. **"Hindi na kataka-taka para sa akin na maramdaman niyang naroon tayo kung nasaan sila."**

Totoong nitong mga nakaraan, kung nasaan si Maxpein ay naro'n din kami. Mula nang huling paghaharap namin, bago ang nangyari kanina, ay binantayan na namin ang mga kilos niya nang palihim. Maging ang kilos ng kaniyang pamilya ay minamatyagan namin ngunit hindi kasintutok nang sa kaniya.

Naroon kami nang makabalik si Deib Lohr mula sa America. Naroon din kami nang magkaroon sila ng party. Maging sa movie screening ng isa sa kaibigan nila ay dinaluhan namin. At hindi namin pinalampas ang graduation. Wala silang lakad na hindi namin alam, wala silang kilos na hindi namin pinapanood. Ang buhay niya sa nagdaang mga araw ay parang isang palabas na pinapanood namin nang harap-harapan.

"Paano natin maiisahan ang babaeng iyon ngayon kung ganiyan pala siyang katalino! Nalintikan na!" bulalas na naman ng Chairman dahilan para matigil ako sa pag-aalaala ng mga sandaling iyon. **"Para saan pa ang pagtatago kung ang lahat naman pala ng lihim na kilos natin ay nalalaman niya? Mga inutil! Para kayong bumuo ng plano para lamang magpabisto!"**

"Pero hindi naman siya ang plano, hindi ba, dad?" sinikap ni Eerah na itago ang kaba ngunit nabigo siya. **"Ang mga Enrile ang target natin, sila ang nasa plano. Kinuha lang natin si Maxpein ngayon para hindi niya maisip na ang mga Enrile nga ang pakay natin. Para malito siya."**

"Kung dadakpin natin ang binatang Enrile, ano sa tingin mo ang magiging hakbang ng babaeng Moon na iyan? Awtomatikong darating iyon para sagipin ang kaniyang nobyo! At kapag nangyari iyon ay alam mo na kung ano ang mangyayari!" singhal ng aming ama. **"Hindi ako nagpakahirap na magplano upang mabigo lamang sa huli!"**

"Hiwalay na ang dalawang iyon, nasisiguro kong hindi na ganoon kadali para kay Maxpein na tulungan si Deib Lohr ngayon," biglang sabat ni Lovemir. **"At bukod doon, hindi naoperahan si Deib Lohr. Isang magandang dahilan iyon para pare-pareho silang mahirapan."**

Pare-pareho kaming nanlaki ang mga mata sa huling nadinig, sabay-sabay rin kaming nag-angat ng tingin kay Lovemir. Isang bagong balita, matamis na balita sa aming pandinig ang kaniyang sinabi. Hindi ko malaman kung bakit parang isang maliwanag na pag-asa iyon bagaman wala naman kaming planong patayin si Deib Lohr gamit ang kaniyang sakit. Nais lang naming magdusa siya, iyong sapat na pagdurusa para pagsisihan niyang ipinanganak pa siya sa pamilyang iyon.

"Sa wakas ay may nahita rin kaming maayos-ayos na impormasyon mula sa iyo," nakangising ani Chairman kay Lovemir. **"At paano mo naman nalaman ang tungkol doon? Sino ang nagsabi sa iyo?"**

"Wala." Bumuntong-hininga si Lovemir, nanunuya. **"Alam kong susunduin ni Deib Lohr si Maxpein sa bahay ko nang minsang iuwi ko ang babaeng Moon sa bahay. Bumuo ako ng plano. Pagkarating niya ay inihanda ko ang isang walang-pakinabang na telepono. Tinawagan ko iyon at sinagot gamit ang telepono ko. At nang atakihin niya ako ay palihim ko iyong inihulog sa bulsa niya. Syempre, hindi niya naramdaman, dala ng galit ay nasa akin ang buo niyang atensyon. Doon ko napakinggan ang pakikipag-usap niya sa nobya nang makaalis sila, bagaman hindi ko narinig na sumagot si Maxpein. Tulog marahil,"** mahabang kwento niya.

"Kung ganoon ay masusunod ang plano," ani Chairman na may matalas na tingin. Pinagkrus niya ang dalawang kamay at ipinatong ang mga iyon sa mesa. **"Bibigyan natin ng dahilan ang Maxpein Moon na iyon para mabaliw. Gaya nang sinabi ko, pahihirapan natin siya gamit**

ang sarili niyang talino at hindi ang talento sa pakikipagbuno. Hahayaan nating siya ang magdesisyon kung sino sa mga taong mahal niya ang uunahin. Kung hindi natin magagawang tumbasan ang galing at talino niya, gagamitin natin iyon upang mahirapan siya."

"Ako ang bahala kay Maxpein," sabi ko.

"Hindi magiging madali kung nag-iisa ka, Cargosin." Nakangisi akong hinarap ni Taylor. **"Sasamahan na kita."**

"Bakit mo naman naisip na hindi ko siya kaya?" Pinigilan kong mainis.

"Hindi kita minamaliit, wala akong sinabing hindi mo kaya. Mas magiging madali lamang ika ko kung tayong dalawa ang haharap sa kaniya." Muli pa siyang ngumisi.

"Huwag na ninyong pagtalunan pa ang bagay na iyan, mga hambog," awat ni Chairman. **"Isagawa natin ang plano, alhin niyo rito ang mga taong ayon sa plano natin ay pagpipilian ni Maxpein. Iyon ang magiging dahilan upang kusa siyang lumapit sa atin,"** maganda ang pagkakangisi ng aking ama, animong nakikini-kinita na sa kaniyang isip ang mangyayari. **"Ngunit bago ang lahat nang iyon ay bibigyan natin sila ng isang linggo para magsaya. Huling linggo para magkasama-sama silang pamilya nang buo at masaya."** Ngumisi ang Chairman habang nakatingin sa kung saan. **"Dahil sa susunod na linggo ay mag-iiyakan sila, mapupuyat dahil sa pagluluksa."**

Walang paglagyan ang pananabik ko matapos iyong sabihin ng Chairman. Wala pa man ay nararamdaman ko na ang tagumpay. Masarap sa pakiramdam ko na nakikitang naiinis at nahihirapan si Maxpein. Napapangisi ako sa t'wing magyayabang siya ngunit sa loob-loob ko ay gusto ko na siyang itumba. Pero hindi iyon akma sa plano. Kailangan kong sumabay sa plano, hindi ako pwedeng mapadalos-dalos.

I can't wait to watch you suffer; I can't wait to see you bleed, Maxpein.

MAX'S POV

Matapos naming mag-dinner sa bahay ng mga Enrile ay 'tsaka palang dumating si Maxwell. Mukhang wala sa mood dahil sa nakasimangot niyang mukha, at imbes na sa amin lumapit ay doon siya kay Randall dumeretso. Hawak ang isang maliit na kahon ay bahagya niyang sinuntok ang kaibigan sa dibdib. Wala pa man ay tatawa-tawa na si Randall kaya nagtaka kaming mga nakatingin.

"What is this, Randall Echavez?" ani Maxwell, naiinis.

Tumawa nang malakas si Randall. **"Didn't you like it, D?"**

"What the hell, E?" angil ni Maxwell na itinaob ang hawak na kahon dahilan para mahulog ang karton-kartong condom na laman niyon. Natawa ang ilang matatanda, napailing na lang ako. **"Ano ang gagawin ko sa mga basurang 'to?"**

"Hahaha! Oh, wala ka nga palang paggagamitan, bwahahaha!" pang-aasar ni Randall.

"Eat them, dork!" ibinato ni Maxwell ang kahon sa kaibigan na agad namang umilag.

"Hey! Hey!" Pinulot iyon ni Randall at saka inihabol sa kaniya, pero naupo na si Maxwell sa harap ng lahat.

Agad na iginala ni Maxwell ang paningin sa aming lahat, nangunot bigla ang noo niya at saka magkakrus ang brasong tumikhim. Umiling siya at tumingin sa kung saan bago nakapagsalita. **"What is it?"** tanong niya na masama ang tingin sa kisame at napapabuntong-hininga pa.

"Maxwell?" naninita ang tinig ni Maze.

"I told you I'm busy," dahilan ni Maxwell na inilahad pa ang parehong kamay. **"Now tell me, what is it? Why do I have to be here?"** Tiningnan niya pa kaming isa-isa na nahinto sa akin. **"Where have you been?"**

"Tss," nag-iwas ako ng tingin sa kaniya.

Agad namang ipinaliwanag ni Maze ang nangyari sa akin na siyang ikinapagpabago ng mood ng kapatid ko. Nagulat siya, syempre, nag-aalala at nagalit. Pero hindi ko na kailangan ang mga 'yon ngayon dahil mas kailangan ko ang mga kasagutan niya sa aking mga tanong. Agad din siyang nagpaumanhin, gusto ko pang matawa nang sabihin niyang akala niya ay tinopak na naman daw ako at piniling umalis sandali.

Maging si Sensui ay nagulat sa mga narinig. Hindi naman na kataka-taka 'yon dahil sinuman sa mga nasa harap ko ngayon ay hindi naisip mangyayari sa akin ang nangyari kanina. Lahat sila ay inisip na pumunta lang ako sa kung saan dahil hindi nga naman normal ang gano'n sa akin. Baka nga pagtawanan pa nila ako kapag sinabi kong na-kidnap ako. Imposible 'yon para sa yabang ko.

"Sorry, hindi ko alam," nakayukong ani Maxwell, napapabuntong-hininga akong tiningnan nang may malamlam na mata.

"Ang gusto kong malaman ngayon ay kung may kinalaman ka sa pagsabog?" natatawa kong tanong sa kaniya. Tumikhim naman si Chairman Moon dahilan para mapalingon ako dito, sumeryoso ako bigla

nang makitang nakakunot ang kaniyang noo. **"Nabanggit sa 'kin na ang dahilan kung bakit nangyayari ang mga...bagay-bagay na 'to ay dahil sa pagsabog na hindi ko alam kung sa'n naganap,"** seryosong panimula ko. Mataman akong tiningnan ng lahat, napasulyap pa ako kay Sensui na noon ay napakatalim ng tingin sa 'kin. Bumuntong-hininga ako at itinuon ang paningin kay Maxwell. **"Ang sabi ni Randall ay may nangyaring pagsabog sa Sta. Rosa no'ng nakaraang taon at nando'n ka para tumulong? Me' nalaman ka bang impormasyon tungkol do'n?"**

Nangunot ang noo ni Maxwell, animong nahihirapang alalahanin ang oras na 'yon. **"Yes."** Ngumiwi siya at tumingin sa kung saan. **"Code White was activated; doctors and nurses are needed in the Emergency Room. Pero ipinadala ako sa field nang oras din na 'yon dahil kulang sa medical team, kaya ko rin tinawag si Randall. Sa Sta. Rosa nga naganap 'yon,"** parang naaalala niya na ang lahat. **"Wala akong oras para magtanong kung ano ang nangyari, at isa pa ay hindi naman 'yon parte ng trabaho ko. Tumulong ako sa mga tao na nangangailangan ng tulong ko. Bukod doon ay wala na akong nalalaman."**

Bumagsak ang mga balikat ko, nanlumo. Inaasahan kong may makukuha akong impormasyon sa kay Maxwell. Pero wala rin pala. Kahit anong pag-iisip ang gawin ko nang oras na 'yon ay walang pumapasok sa utak ko. Kulang-kulang ang nalalaman ko, butas-butas at walang maisalpak para mabuo.

"Hindi rin nila ako binibigyan ng impormasyon," napapailing kong sabi. **"'Yon lang ang binanggit ni Cargosin Rewis sa 'kin. Wala akong nalalaman tungkol do'n at hindi ko maintindihan ang mga dahilan nila."**

"Kung ganoon ay ang mga Rewis ngang talaga ang may pakana ng lahat ng ito?" tinig ni Chairman Enrile. **"Hindi ako makapaniwala."**

"Bakit si lolo ang sisisihin nila?" sumabat si Sensui. **"Magkakasama kami sa ospital no'n, Taguro. Magkasama kami nina Chairman."** Seryoso siya at naniniwala naman ako sa kaniya. **"Nauna silang dumating sa akin sa ospital, nang dumating ako ro'n ay marami nang tao sa E.R.."**

"Kung hindi ako nagkakamali ay nasa mahigit isanlibo ang nadamay sa pagsabog, marami ang namatay pero mas marami ang sugatan. Ang mga naunang isalba ay sa SISH dinala," sabat naman ni

Maxwell. **"Nang hindi na magkasya ro'n ay napilitan na kaming dalhin sa BISH ang iba."**

"Umaga na halos kaming nakauwi no'n, wala pa nga kaming tulog," sabi naman ni Randall. **"Nang payagan akong umalis sa SISH ay dumeretso na agad ako sa BISH para tingnan si Dein Leigh at si RD. Si Deib Lohr naman nang oras na 'yon ay nasa BIS dahil sa graduation ceremony."**

Kung gano'n, nangyari ang pagsabog nang nandito ako pero lingid sa kaalaman ko.

"Ang tanong..." Nagsalita si Mokz. Nasa Chairman ng mga Enrile ang paningin niya. **"Naroon ka ba sa pinangyarihan ng pagsabog, bago mangyari ang pagsabog?"** malinaw niyang tanong.

Napatitig kaming lahat kay Chairman Enrile. Agad naming nabasa ang pag-aalala at matinding takot sa kaniyang mga mata. Makailang beses ko siyang nakitang lumunok. Umiling din siya at yumuko bago muling nag-angat ng tingin sa amin.

Bakit nga ba hindi ko naisip na itanong agad 'yon?

"Oo." Parang huminto ang oras. **"Naroon ako,"** sagot ni Chairman Enrile.

Sabay-sabay kaming natigilan at lalong napatitig sa kaniya. Pakiramdam ko ay may bumabara sa lalamunan ko habang nakatitig sa senyor. Hindi ko inaasahan ang sagot niyang iyon. Pero walang nabubuo sa isip ko.

Bakit...hindi niyo sinabi agad? Nanlumo ako nang sobra. Sunod-sunod akong napabuntong-hininga at nag-iwas din ng tingin. *Naniniwala akong wala siyang kinalaman dito. Sana ay tama ako.*

"Isa iyong pagdiriwang na ginanap sa bahay ng gobernador. Dumalo ako roon."

Awtomatikong nag-angat ang paningin ko nang sabihin ni Chairman Enrile ang linyang iyon. Dahan-dahan akong napaayos ng upo at kunot-noong napatitig sa kaniya.

Bakit ngayon lang? Bakit kailangang ngayon ko lang malaman!

"Pero nang makatanggap ako ng tawag mula kay Lohrton na manganganak na ang aking apo ay nagpaalam agad ako at umuwi na. Maski ang tungkol sa pagsabog ay huli na nang malaman ko. Marahil ay dahil abala ako sa pag-aasikaso kay Dein Leigh." Tiningnan ni Chairman Enrile ang sariling apo. **"Itinawag lamang sa akin ang tungkol dito ng tauhan ko. Syempre, nag-alala ako pero ang sabi raw ng**

gobernador ay ayos lang naman sila ng kaniyang pamilya. I was so excited to see Dein Leigh's son. Hindi na naging big deal sa akin ang nangyaring pagsabog. At ngayon ko lang iyon pinagsisisihan."

"Wala kang dapat pagsisihan dahil wala ka namang kinalaman doon, Chairman," ani Dean Enrile.

Hindi na naalis ang paningin ko sa Chairman. **"Gobernador?"** tanong ko. **"Si Funtales?"** Sinagot niya ako tango.

Hindi ko nagawang magsalita agad. Natameme ako at napatitig sa kung saan. Hindi ako makapaniwala sa itinatakbo ng utak ko, hindi ko matanggap ang mga bagay na naglayag bigla sa isip ko. Hindi ko akalaing maririnig ko pang muli ang pangalang iyon, hindi kailanman pumasok sa akin na posibleng may kinalaman sila sa mga nangyayari. Buong akala ko kasi ay tapos na iyon at hindi na babalik.

Mukhang nagkamali ako.

"Pero ang pagsabog ay sa mini mart nangyari, Chairman," ani Randall.

Pero hindi ko nagawang tingnan si Randall dahil abala sa paglalayag, sa paghahanap, at sa pagbuo ng sagot ang isip ko. Bagaman nauunawaan ko ang mga sinasabi niya ay nagagawa pa ring maging abala ng utak ko.

"May mga nadamay na residente kaya lalong dumami ang pasyente," maaksyong dagdag ni Randall. **"May mga bahay kasi sa paligid ng mini mart. But according to the police that I was with, the explosion happened inside the mini mart. It's also the time that you were at the Governor's house."**

Tumango si Chairman Enrile. **"Ang mini mart na iyon ay pag-aari ng esposa ng gobernador, katabi lamang mismo ng kanilang bahay. Ang dinig ko nga'y kung naroon pa ako, marahil ay isa ako sa mga namatay. Sapagkat sa bakuran naganap ang pagdiriwang, kung saan naroon malapit ang mini mart na kanila ring pag-aari."**

"*Maldo andwae,*" bulong ko.

"*Wae?*" tanong ni Maze.

Nanlumo ako, naihilamos ko ang pareho kong palad sa mukha bago ako nakapagsalita. **"Sana ay nagkakamali lang ako pero..."** Tiningnan ko si Sensui bago ko nilingon si Chairman Enrile. **"Si Choco Funtales na anak ng gobernador ay na-expell sa BIS."**

"Ano ang ibig mong sabihin?" Biglang tumayo si Sensui at kunot-noong lumapit sa akin. **"Si Choco ba ang naiisip mong may pakana nito,**

Taguro? Para ano, para paghigantihan ako at ang pamilya ko dahil in-expell siya sa BIS?"

Tumayo rin ako. **"Hindi,"** pagsisinungaling ko. Pero ang totoo ay iyon nga ang nasa isip ko. Bagaman hindi ako sigurado ay iyon ang naiisip kong posibleng rason ni Choco. **"Calm down, Deib,"** pakiusap ko sa kaniya. Inis naman niyang nasapo ang sariling noo.

"Ngunit hindi imposible ang naisip ni Deib Lohr," kalmadong ani Dean Enrile.

"Oo," tugon ko. **"Hindi nga ho imposible ang naisip niya. Pero hindi sapat na rason ang pagkaka-expell niya para pumatay siya nang gano'n karaming tao, Dean."**

"Iyon na nga mismo ang rason niya, Taguro. Hindi sapat 'yon para sa 'tin pero paano sa kaniya? Paano kay Choco?" muling sabat ni Sensui, nagagalit na siya. **"Alam mo namang handa siyang gawin lahat para lang makapaghiganti. Pakiramdam niya ay tayo ang sumira sa buhay niya kahit na ang totoo ay siya ang may kasalanan kaya nagkagano'n siya!"**

Hinawakan ko ang mga balikat niya, pilit siyang pinakalma. **"'Wag muna tayong bumuo ng konklusyon nang walang sapat na ebidensya, Sensui, ang opinyong walang patunay ay akusasyon o pamimintang, hindi ba?"**

"Pero, Taguro..." Umiling nang umiling si Sensui, iling lang ang isinagot ko sa kaniya.

Naiintindihan ko siya, maging ang nararamdaman niya ay nauunawaan ko. Ang hindi ko maintindihan ay kung bakit hindi ako ganoong kakumbinsido sa naisip ko. Hindi siya magkakaroon ng ideya kung hindi ako nagsalita ng tungkol kay Choco. Ang ideya na iyon na sa akin mismo nanggaling ay kulang para makumbinsi ako.

"At ano naman ang kinalaman ng mga Rewis na 'yon sa mga Funtales?" halos pabulong kong tanong, nasa kung saan ang paningin ko. 'Ayun na naman 'yong pakiramdam na para bang wala akong nalalaman maski ano. Nabablanko ang utak ko.

"Pwede rin nating baguhin ang tanong mo," ani Mokz, napatingin ako sa kaniya. **"May kinalaman nga kaya sa mga Funtales ang mga Rewis? Posible kasi na nasa mini mart sila at nadamay lamang. Posible rin namang nandoon nga sila sa pagdiriwang."**

"Kung nandoon man sila sa pagdiriwang, ibig sabihin ay malapit sila sa mga Funtales. Paniguradong may imbitasyon iyon." Si Maze ang nagsalita. **"Ngunit kung naroon naman sila sa mini mart. Sa tingin ko ay hindi makatarungang dahilan iyon para ganituhin nila tayong lahat ngayon."**

"Kung totoong nadamay lamang ang mga Rewis..." Nagsalita si Heurt matapos ang mahabang sandali. Alam kong abala siya sa pag-iisip habang nakikinig kaya pinili niya ang manahimik. **"Kailangan nating malaman kung sino ang nagsabi o kung ano ang dahilan upang maisip nilang si Chairman Enrile ang sisihin at ang paghigantihan."**

"Tama," ani Mokz.

"Dahil hindi sila pwedeng magalit sa Chairman nang walang dahilan at walang nalalaman," dagdag pa ni Heurt.

"Kung ako ang kanilang pakay, bakit kailangan pa nilang gamitin ang mini mart? Bakit kailangan pang may madamay na ibang tao?" malungkot ang tinig ni Chairman Enrile. Napatingin ang lahat sa kaniya. **"Bakit hindi na lang ako? Iyong ako lang at wala ng ibang masasaktan pa."**

"Chairman..." Lumapit si Mrs. Enrile sa dito at hinawakan ang senyor sa magkabilang balikat mula sa likuran.

"It is possible that they intentionally did the explosion inside the mini mart to confuse the policemen. People may think that it happened accidentally since the target is on the other side of the scene. Tsh. Kahit ako ay inisip na isa lang aksidente ang nangyari," mahabang kuda ni Maxwell.

Napamura si Sensui. **"'Pupuntahan ko ang Choco na 'yan!"**

"Anak! Ano ka ba?" bulalas ni Mrs. Enrile. **"You are not going anywhere!"** Walang nagawa ang anak niya.

"Wala rin akong makitang dahilan para magalit sa akin nang ganoon ang mga Rewis. Ngayon ko lamang naiisip kung bakit ganoon na lang sila kadesididong alamin ang lahat ng bagay na may kinalaman sa akin. Interesado silang makisosyo sa anumang negosyo ko. Kahit tumanggi ako o kahit sabihin kong hindi ko kailangan ng kasosyo ay nagpupumilit sila. Kung ano-ano rin ang iniaalok nila sa akin, at handa silang gumastos nang malaki. Ipinagtataka ko iyon ngunit masiyado akong nagpasilaw, naging ganid ako. Sa kagustuhan kong maging mas

makapangyarihan ay ito ang napala ko," mahabang sentimyento ni Chairman Enrile.

Tiningnan ko siya. **"Kayo ang target nila, Chairman Enrile. Sa simula pa lang ay 'yon na ang nakikita namin. Nadamay kami dahil sa *pakikialam* daw namin. Lumalim 'yong galit nila sa 'min dahil wala silang mapala."**

"Ngunit wala rin akong nalalaman para magalit sila sa akin nang ganoon, hija." Mahihimigan ang takot at pag-aalala sa tinig ng Chairman. **"Kung ako ang kanilang pakay, ako na lang sana at wala na silang ibang dapat na idamay."**

"Ang kaso ay hindi gano'n ang takbo ng isip nila, Chairman." Kumunot ang noo ko sa inis para sa mga Rewis.

"At hindi naman maaaring hayaan na lang naming mangyari ang lahat. Tawagin na nila kaming pamilya ng mga pakialamero pero hindi ko kayang panoorin ang pamilya ng kahit na sinong mapahamak na lang. Lalo na kung mayroong magagawa ang pamilya ko upang tumulong," ani Chairman Moon. Nilingon siya ng mga Enrile, halatang napalagay sila.

"Ang sinasabi nila ay namatay ro'n ang nanay ng mga Rewis, asawa ni Chairman Rewis," kunot-noong kwento ko. **"Dahil sa pagsabog daw na 'yon."** 'Tsaka ko tiningnan si Chairman Enrile. **"Kung sinasabi niyong wala kayong kinalaman sa pagsabog na 'yon, bakit kayo ang hinahabol nila para paghigantihan? Parang sinasabi nilang kayo ang may kasalanan."**

Umiling siya nang umiling. **"Wala akong matandaan, hija, maniwala ka sa akin."** Tumingin siya sa lahat. **"Maniwala kayo sa akin, wala akong nalalaman tungkol diyan."**

Nagulat ako nang ihilamos ng Chairman ang parehong palad sa kaniyang mukha. Mas nagulat ako nang mayamaya lang ay nangibabaw ang impit nitong pag-iyak. Napabuntong-hininga ako, naiintindihan ko siya at naniniwala ako sa kaniyang mga sinabi. Nauunawaan ko rin ang nararamdaman niya at paniguradong nahihirapan din siya.

"Kung may nalalaman ako ay magsasalita agad ako, hindi ko na hahayaan pang umabot ang lahat sa ganito." Nahihirapang magsalita ang Chairman. Agad na lumapit si Dein para aluin ito. Nag-angat ng tingin sa amin si Chairman Enrile, sa akin nahinto ang kaniyang paningin. **"Hindi ko ipapahamak ang pamilya ko, hija, maniwala ka sa akin. Hindi ko**

alam kung bakit ako ang kanilang puntirya. Maniwala ka sa akin," nagsusumamo ang tinig niya. **"At natatakot ako, sobra ang takot na aking nararamdaman. Hindi para sa sarili ko kung hindi para sa mga taong mahal ko, para sa aking pamilya. Sa edad kong ito ay wala akong kakayahang isalba sila sa disgrasya. Maniwala ka sa akin, maniwala kayo sa akin. Wala akong naiintindihan sa nangyayari. At kung mayroon man ay hindi ko iyon matukoy ngayon. At handa akong pagsisihan kung ano man iyon, basta huwag lamang mapahamak ang sinuman sa aking pamilya, maging kayo. Hangad ko ang kaligtasan ng lahat. Pero hindi ko alam kung ano ang nararapat kong gawin. Maniwala kayo sa akin,"** nawawalan ng pag-asang dagdag ng Chairman.

"Naniniwala ako sa inyo," hindi ko alam kung bakit ganoon kabilis ko 'yong nasabi. Nagpakatotoo nang todo sa kalooban ko.

Natigilan naman si Chairman Enrile at napatitig sa akin. Mayamaya ay biglang lumamlam ang kaniyang mga mata, may sumilay na tipid na ngiti sa kaniyang labi. Alam kong hindi niya inaasahang ang sinabi ko, at isang kaginhawahan iyon sa kaniya.

Nasulyapan ko si Sensui nang maramdaman ko ang pagtayo niya. Huli na bago ko magawang kumilos dahil nakalapit na siya sa akin. Nagulat ako nang lumuhod siya sa harap ko at nasa ganoong posisyon akong niyakap.

"Ngayon ko lang sasabihin 'to, Taguro," pabulong niyang sabi, hindi ko naman nagawang kumilos. **"Please, 'wag mo kaming pababayaan ng pamilya ko."**

May kung anong kurot akong naramdaman sa aking puso, hindi ko alam kung saan nanggaling 'yon. Napabuntong-hininga ako at nakapikit na niyakap din siya. Batid ko ang takot na pare-pareho nilang nararamdaman ngayon.

"Huwag kang mag-alala, hijo." Nagsalita si Chairman Moon. Nakangiti ito sa amin nang lingunin ko. **"Mayroong dalawang kamay si Maxpein,"** lalo siyang ngumiti 'tsaka tumingin kay Sensui. **"Ang isa ay para tulungan ang kaniyang sarili. At ang ikalawa ay para tulungan ang nangangailangan, kahit walang dahilan."**

Natinag na lang kami nang tumayo si Chairman Enrile at lumapit sa amin ni Sensui. Nagulat pa ako nang ipatong niya ang parehong palad sa magkabila kong balikat. Mapungay ang mga mata niya, parang maiiyak na.

"Thank you, Maxpein. Thank you for being kind even when I'm not. Thank you for your kindness," sinserong ani Chairman Enrile.

Sandali pa akong natigilan, seryosong napatitig sa kaniya. 'Tsaka ko nagawang ngumiti nang tipid. **"It's free, so there's no need to thank me."**

"Tch, hambog," dinig kong bulong ni Sensui.

Nilingon ko siya para singhalan sana pero hindi iyon nagtagal dahil nagulat ako nang bigla akong yakapin ni Chairman Enrile. Literal na nanlaki ang aking mga mata, naiipit pa ang lalamunan ko sa pagkakatingala dahil sa higpit nang pagkakayakap niya. Awtomatikong yumakap at tumapik ang parehong kamay ko sa kaniyang likuran bagaman nakakaramdam pa rin ako ng hiya.

"Kailangan na naming umalis." Tumayo si Mokz at nagpaalam. **"Kailangan nang makapagpahinga ng aming Chairman."** Ngumiti pa siya sa lahat.

Agad namang lumapit si Chairman Enrile at nakipagkamay kina Mokz at Chairman Moon. Maging kina Maze, Heurt at More ay nagpaalam siya. Si Maxwell naman ay parang lantang gulay na tumayo at inambaan ng tingin si Randall. Babaling naman na sana ako papalapit sa kanila nang biglang hilahin ni Sensui ang kamay ko.

"Pasensya ka na nga pala," aniya, kumunot naman ang noo ko sa pagtataka. **"Hindi ko talaga naisip na may nangyari sa 'yong masama, kung alam ko lang--"**

"Sshh," pinigilan ko siya. **"Tapos na 'yon kaya 'wag ka nang mag-alala. Hindi mababago nang pag-aalala mo ang nangyari kanina. Wala na sa 'kin 'yon kaya 'wag mo na ring ipaalala."**

"Hindi pa rin ako makapaniwalang si Lovemir ang tumulong sa 'yo. Wala pa rin akong tiwala sa kaniya."

"Pareho tayo."

"Bakit sumasama ka pa rin sa kaniya?"

"Dahil alam kong may maitutulong siya."

"Taguro..."

"Sensui." Hinawakan ko ang magkabilang braso niya upang harapin siya. Bumuntong-hininga ako 'tsaka tumingin sa kaniyang mga mata. **"Hindi ba't sinabi ko sa 'yong magtiwala ka sa 'kin?"** patanong kong sabi. **"Ngayon ay hihilingin kong dagdagan mo ang tiwala mo sa akin. Mas kailangan ko 'yon kesa sa pag-aalala mo."**

"Hindi naman kasi mawawala sa 'kin ang mag-alala."

"Hindi rin makakatulong sa 'yo ang pag-aalala. Kung iisipin mong lahat ay kaya ko, lahat ay magagawa ko. Gano'n ang nasa isip ko at

'yon naman ang nangyayari. Please."

Napapikit siya. Napapabuntong-hiningang tumango. **"Alam ko namang hindi ko mababago ang isip mo."**

"Magtiwala ka lang sa 'kin, hanggang sa huli."

"Gusto ko nang maging masaya, 'yong puro saya lang at walang..." Sunod-sunod siyang umiling habang nakatingin sa kung saan. **"'Yong walang ganito,"** pasinghal niyang sabi na animong hindi malaman kung ano ang itatawag sa pinagdaraanan ng mga pamilya namin ngayon.

"Masaya naman 'yong ganito, ah?" nakangisi kong sabi. Kunot-noo siyang tumingin sa 'kin. **"'Yong uuwi kang may bangas at pasa tapos sasalubong sa 'yo ay 'yong ganitong kagwapong mukha?"** sabi ko na tiningnan ang kabuuan ng mukha niya. **"Sa buhay ay hindi pwedeng puro ka na lang pasasa, Sensui. Hirap muna bago ang ginhawa."**

"Taguro, hindi ako nagbibiro." Seryoso talaga siya.

Binawasan ko ang pagkakangiti. **"Seryoso din naman ako. Pero ang problema ay hindi na dapat pinoproblema, Sensui. Hindi mareresolba ang problema kung aalalahanin mo parati. Maaayos din lahat 'to, okay?"**

"'Wag kang papasok sa gulo, ah?"

"Nasa loob na ako ng gulo, Sensui, lalabas na lang ako."

"Taguro!"

"Oo na nga! Tss."

"Sige na," aniya na sinamaan ako ng tingin. **"Bilis na!"**

"Ano?" nagtataka kong tanog.

"'Sus naman, bago ba tayo, Taguro?"

"Ano na naman?"

"Halikan mo na 'ko!"

"Dito? Sira ba ulo mo?"

"O, sige, tara sa kwarto."

"Eh, kung dagukan kita?"

"Sa kwarto?"

"Dito!"

"Tch. Maramot," dinig kong bulong niya bago mag-iwas ng tingin.

"Maluho!"

"Anong maluho?" angil niya nang bigla akong lingunin.

"'Yang pagiging adik mo sa halik ay luho."

"Bisyo 'to, Taguro! At ang bisyo ay mahirap iwasan!" singhal niya at saka iiling-iling na ngumisi. **"At walang rehabilitation para sa bisyo kong 'to. Hahaha!"**

"Tahiin natin 'yang bibig mo para mahinto."

"Brutal ka!"

"Sige ka, baka ka magkaro'n ng Kissing Disease," pananakot ko habang tinitingnan ang mga kasamahan ko.

"May gano'n ba?" nakanguso niyang tanong. Nakangiwi naman akong tumango. **"Anong mangyayari kapag nagkaro'n no'n?"**

"Mababaog ka," pagsisinungaling ko, nanlaki agad ang mga mata niya. **"Hindi ka na magkakaro'n ng sampung dosenang Taguro."** Lalong nanlaki ang mga mata niya. **"Tapos iiwan kita kasi ayaw kong mahawa."** Nahaluan na ng pag-aalala ang nanlalaki niyang mga mata. **"Makakahanap ka ng iba kaso ay iiwan ka rin dahil bukod sa may Kissing's Disease ka na, baog ka pa."**

"Eh..." Napaisip pa siya. **"Bakit daw nagkakaro'n no'n?"**

"Kapag nasosobrahan sa halik nga." Hindi ko na siya magawang tingnan sa mga mata dahil gusto ko nang matawa. Panay tuloy ang lingon ko sa aking pamilya na noon ay nakikipagpaalaman pa rin sa mga Enrile.

"Totoo?"

"Tss. 'Sabi naman sa 'yo magtiwala ka sa 'kin, eh." Sumeryoso ako nang pilit.

"T'wing kailan lang daw pwede humalik kapag gano'n?"

"Kapag kasal na raw."

"Grabe naman!"

"Oo nga."

"Hindi ako naniniwala dyan!"

"Eh, di sige, hintayin nating magkaro'n ka. Mm, halika!" Hinawakan ko siya sa braso at inilapit sa 'kin nang pilit.

"Teka! Teka naman!" Bigla siyang umilag, umatras pa. **"Totoo 'yan, ah? Itatanong ko 'yan kay Noona!"**

"'Ayun sina Randall at Maxwell, oh?" inginuso ko iyong dalawa. **"Kung gusto mo ay ngayon mo na tanungin."**

Nilingon niya nga ang dalawa bago tumingin nang masama sa 'kin. **"Hindi na! Tch! May tiwala naman ako sa 'yo! Sa sobrang yabang mo, lahat ay alam mo!"**

"'Yan!" tinapik ko ang mga balikat niya 'tsaka ako umasta na gagawaran siya ng halik sa pisngi.

"Teka!" umatras na naman siya.

"O, bakit?" natatawa kong tanong.

"Akala ko ba ay magkakasakit ako niyan?"

"Sa pisngi lang naman."

"Baka may Cheek's Disease din! 'Wag na!"

Napamaang ako sa sobrang katangahan niya. Seryoso siya nang sabihin 'yon. **"Okay, sige. Ikaw ang bahala."** Nag-iwas ako agad ng tingin at saka nagpigil ng tawa.

"'Buti hindi nagkaro'n ng ganiyang sakit si Randall?" inosente pa niyang tanong mayamaya habang ang paningin ay nasa kung saan.

"*Chick's* Disease 'yong sa kaniya."

"Isusumbong kita!"

"Ayos lang, kaya ko naman siyang itumba." Ngumisi ako.

"Halika nga dito!" Bigla niya akong niyakap nang mahigpit. **"Hanggang ganito na lang muna ako, Taguro. Ang mahalaga, ayos na tayo."**

"Sino'ng me' sabi sa 'yo?"

Bigla siyang kumalas at saka ako pinandilatan. **"'Wag mo sabihing hindi pa? Pina-score mo na nga 'ko kanina!"**

"Akala ko ba ay paghihirapan mo pa?"

"Ano?" hindi talaga makapaniwalang aniya, nanlalaki ang mga mata nang sobra.

Ngumiwi ako at tinaasan siya ng mga kilay. **"O, bakit? Hindi ba't gano'n ang sinabi mo? May paiyak-iyak ka pa nga."**

"Hoy, Taguro!" Dumuro siya ngunit sa itaas nakaturo ang hintuturo niya. Gusto kong matawa. Pero kumibot-kibot lang ang labi niya na animong hindi masabi ang gustong sabihin. **"Sige na nga!"** napipilitang aniya. **"Pero 'wag na 'wag mong mamaliitin o pagtatawanan ang paghihirap na gagawin at pagdaraanan ko. Wala kang ibang gagawin kung hindi ang tanggapin ang mga 'yon, malinaw ba tayo?"**

"Sa ngayon ay malabo pa tayo."

"Tsk! Ibig kong sabihin ay malinaw ba sa 'yo 'yon?"

"Ang alin?"

"'Yong sinabi ko!"

"Sinisigawan mo ba 'ko?"

"I love you, Taguro," biglang naging malumanay ang boses niya. **"Ibig kong sabihin, sige, paghihirapan kita ulit. Pero 'wag mo na 'kong pahirapan, ah? Please?"** nagpa-cute siya.

Napatitig naman ako sa kaniya at bago ko pa napigilan ang sarili ko ay napangiti na ako. Nag-iwas ako ng tingin dahil para akong kinikiliti sa bawat organ na nasa loob ng katawan ko.

"Kinakausap kita, Taguro." Pilit niyang ginagawang malumanay ang tinig habang sapilitan din akong inihaharap sa kaniya. **"Please?"**

"Oo na."

Ngumiti siya. **"Sige, sisimulan ko sa lalong madaling panahon."**

"Hihintayin ko 'yan." Tinapik ko ang braso niya. **"Pa'no? Mauna na kami?"**

"Ingat kayo, ah?"

"Sila ang mag-ingat sa 'min." Lumapit ako at humalik sa pisngi niya.

Pero gano'n na lang ang gulat ko nang iharap niyang pilit ang mukha ko at dinampian ako ng halik sa labi. **"'Tsaka ko na iisipin 'yang sakit na sinasabi mo. Sa ngayon ay kailangan ko ang halik mo para mahimbing ang tulog ko."** Muli niya akong ginawaran ng dampi sa labi.

Gusto kong lumubog sa kinatatayuan ko nang makitang ang buong pamilya ko ay nakaharap na at nakatingin sa aming dalawa. Nakangisi naman akong inakbayan ni Sensui at iniharap din sa kanila. Naramdaman ko pang pinisil-pisil niya ang balikat ko.

"Thanks for tonight." Sinabi niya iyon sa buong pamilya ko. **"Take care."**

Sandali rin akong nagpaalam sa mga Enrile bago ako sumabay sa pamilya ko papalabas. Tahimik kaming bumibyahe nang makatanggap ako ng text.

One Message Received

From: Lovemir Limaco

Sana ay nakauwi kang ligtas. Balitaan mo ako.

10:30 PM

Napabuntong-hininga ako at sandaling napaisip. **"Dad, please, stop the car,"** malumanay kong pakiusap.

Bigla naman siyang nagpreno at lumingon sakin. **"What's the problem?"**

"Nothing." Ngumiti ko at umastang bubuksan ang pinto.

"Where are you going?" lumitaw agad ang pag-aalala sa mga mata ni daddy.

"May dadaanan lang ako," paalam ko na siyang ikinagulat nila.

"Maxpein, it's late," ani Maze.

Binigyan ko siya ng nangungumbinsing tingin at saka ako ngumiti. **"Sandali lang ako."**

"Paano kang uuwi?" tanong ni daddy.

"Magdyi-jeep na lang ako. Kayo na ang bahalang magsabi sa Chairman." Tinapik ko lang ang likuran ng kinauupuan niya, nilingon ko si Maze at saka ako bumaba ng kotse. Nasa kabilang sasakyan ang Chairman bukod pa sa sasakyan ni Maxwell, nahuhuli kami kaya posibleng hindi ako nakita ng mga ito.

Tumawid ako at pumara ng tricycle, sinabi ko rito kung saan ako ihahatid. At hindi rin naman nagtagal ay narating ko ang bahay ni Lovemir.

Madilim ang kabuuan ng bahay, mukhang walang tao sa loob. Maging ang guard niya ay wala sa pwesto nito. Makailang beses pa akong luminga sa magkabilang gawi ng kalsada 'tsaka ako palihim na pumasok sa bahay. At tama nga ako, walang tao. Sandali kong iginala ang paningin ko sa loob bago ako naupo sa single sofa na sinadya kong iharap sa pinto.

Inihilig ko ang batok ko sa likuran ng sofa at saka ako pumikit. Mahihimbing na sana ako nang may maramdaman akong humintong sasakyan na nasundan naman ng pagbukas ng gate. Mayamaya lang ay may kumakalansing nang mga susi at hindi nga ako nagkamali nang bumukas na ang pinto.

Nag-angat ako ng tingin 'tsaka ngumisi, para sana sa magiging reaksyon niya. Inaasahan kong magugulat siya na makita ako ro'n. Pero hindi niya binuksan ang ilaw kaya nangunot ang noo ko, hindi niya ako nakita. Natigilan pa ako nang makitang nakahawak siya sa dibdib at iika-ikang naglakad papunta sa mahabang sofa na nasa harapan ko, may ilang dipa ang layo sa akin. Hindi ako nakagawa ng anumang ingay, nanatili sa kaniya ang paningin ko nang may pagtataka.

Gaya nang ginawa ko kanina, inihilig niya ang batok sa sandalan ng mahabang sofa. At bagaman mumunti ang ilaw na mula sa labas ay nakita ko siyang pumikit. Nananatili siyang nakahawak sa dibdib, nakaupo habang malayo ang pagitan ng dalawang hita. Magkaharap lang kami pero hindi niya nararamdaman ang aking presensya.

Mayamaya pa ay bumuntong-hininga ako, sinadya kong lakasan iyon. Dagling umangat ang ulo niya at luminga, nagdahan-dahan lang siya nang ako na ang lingunin niya. Sandali niya pa ako inaninag bago dali-daling binuksan ang lampshade na nasa kabilang dulo ng sofa na kinasasadlakan niya.

"Maxpein." Puno ng gulat at pagtataka ang kabuuan ng mukha niya.

Ngumisi ako. **"Pumasok ako."**

"What are you doing here?"

"Gusto ko lang malaman kung safe ka."

"I am safe, but...wait." Tumayo siya at binuksan ang ilaw. Napapikit ako nang magliwanag ang kabuuan ng bahay, ilang saglit pa bago ako muling dumilat.

Magsasalita na sana ako ulit nang nakangisi. Pero nawala ang ngiti ko nang makita ko ang kaniyang mukha. Putok ang kaliwang kilay, gano'n na rin ang ibabang labi niya. May maliit na hiwa siya sa bandang panga at meron din malapit sa tainga. May dumi ang pantalon at ilang parte ng damit niya. Magulo ang buhok. Mukhang pagod at parang may iniinda sa kanang hita.

"What happened to you?" Napatayo ako bigla, hindi ko malaman kung dapat ba akong lumapit sa kaniya.

"You have to go home, Maxpein." Umiling siya matapos magsalita.

"Ano ang nangyari sa 'yo, Lovemir?"

Umatras siya at pinigilan akong lumapit gamit ang kamay. **"I said...go home. Please."** Nakikiusap ang tono niya pero alam kong naiinis na siya.

"Ginawa ba nila 'to dahil pinatakas mo 'ko?" tanong ko pero bumuntong-hininga lang siya. **"Lovemir?"**

"This isn't about you, Maxpein. Please go home now."

Tumitig ako sa kaniya. **"Alam na ng pamilya ko ang nangyari sa 'kin."** Nag-angat siya ng tingin sa 'kin pero nanatili siyang seryoso. **"Mula ngayon, lahat ng gagawin ninyong hakbang laban sa amin ay may kapalit, Lovemir."** Hindi ko alam kung bakit naging mahirap para sa akin na sabihin iyon. **"May oras ka pa para magbago, Lovemir. 'Wag kang gumaya sa kanila."**

"Hindi ako tulad nila."

"Bakit ka sumasama?"

"Hindi nila ako kasama, Maxpein. Just go home, please!"

"Hindi kita maintindihan! Kakampi ba kita o kalaban?" pasinghal kong tanong. Seryoso rin ako at mas seryoso pa ang nararamdaman ko kompara sa inaasahan ko. **"Gusto kong malaman, Lovemir. Pero hindi ka nagsasalita, hindi ka nagsasabi. Hindi ko malaman kung duwag ka ba o may pinaplanong iba."** Sinsero ako sa mga sinabi. **"Bakit ba hindi mo na lang sabihin sa 'kin? Baka-sakaling matulungan pa kita--"**

"Pare-pareho lang tayong mapapahamak kung gagawin natin 'yan, Maxpein. Ginagawa ko 'to dahil alam kong may magagawa ka rin para dito. Sumabay ka na lang."

Umiling ako nang umiling. **"Hindi kita maiintindihan. Bakit niyo ginagawa 'to?"**

"Sinabi ko na ang dahilan."

"Ano ba ang nagawa ni Chairman Enrile sa inyo?"

Bumuntong-hininga siya. **"Maxpein, please."** Tumingin siya sa mga mata ko. **"Kapag may nakakita sa iyo dito ay mapapahamak tayong pareho. Kung nagmamalasakit ka talaga sa akin ay sumunod ka, umuwi ka na."**

Nilabanan ko ang mga titig niya. **"Hindi ko kailangan ang tulong mo, Lovemir."** Nagtiim ang mga bagang ko. **"Pero kaya kitang tulungan, lalo na kung babaguhin mo 'yang takbo ng isip mo."**

Ngumisi siya. **"Nasa puso ko pa rin ang paghihiganti para sa nanay ko, Maxpein. Pero ang isip ko ay hindi sang-ayon sa marahas na paraan. Lalo na at alam ko namang may hustisya sa maayos na laban, iyong walang sakitan."**

"At ito ang hustisya sa 'yo? Ito ang maayos na laban sa 'yo? Ito ba ang walang sakitan para sa 'yo?" patungkol ko sa mga nangyari sa nakaraan sa mga nangyayari ngayon.

"Mas malala pa dito ang mga dapat na nangyari kung hindi ko ginawa ang mga ginawa ko."

"Dapat kong ipagpasalamat ang mga 'yon kung gano'n?" Hindi ko napigilang magtinig-sarkastiko.

"Hindi. Dahil hindi ko rin kailangan ang pasalamat mo."

Napailing na naman ako. Kahit anong gawin ko ay hindi ko siya maintindihan. Hindi ko siya mahulaan. **"Lovemir, I know you're a good person--"**

"I am not." Bago ko pa man masabi ang pamatay kong linya ay pinigilan na niya. Pero hindi ko magawang mainis dahil naagaw nang

gumaralgal niyang tinig ang atensyon ko. **"I wouldn't be here if I were."**

"Yes, you are. You just made bad decisions." Nginitian ko siya.

Ginantihan niya naman ako ng tusong ngiti. **"My decisions are bad for you because you're on the other side of the situation, Maxpein. I am not nice but that does not mean I am a bad person."**

"I never said you were."

"And I am not trying to be. I am just trying to fight for my rights."

"You deserve better, Lovemir."

"Oh, shut up!" singhal niya. **"We've all got both light and dark side of us, Maxpein! It just happened that you're in a different situation, so stop judging my decisions! You will never understand me!"**

"Naiintindihan kita, Lovemir, I know that you're patient and kind. You give plenty of chances, Lovemir. But because you're not a saint, you have your limits." Sumeryoso ako at nilabanan ang mga titig niya. **"Naiintindihan kong nasaktan ka, nawalan ka ng taong mahal mo at mahalaga sa 'yo. Pero ang gumanti sa paraan kung paano kang nasaktan at nawalan ay hindi magagawang alisin ang sakit na nandyan na sa puso mo. Dadagdagan mo lang 'yon, Lovemir."**

Hindi niya nagawang sumagot, sunod-sunod na buntong-hininga niya lang ang nangibabaw. Titig na titig si Lovemir sa akin dahilan para mapatitig din ako sa kaniya. At bagaman nakangiti siya, hindi magawang magsinungaling ng mga mata niyang pinangingiliran ng luha. Naroon ang lungkot sa kabuuan ng mukha niyang pilit na ngumingiti. May kung anong kumurot sa damdamin ko. Gusto ko siyang lapitan para aluin pero may kung anong pumipigil sa 'kin. Hindi ko siya maintindihan pero pakiramdam ko ay may ipinararamdam siya sa akin na hindi niya magawa. May gusto siyang sabihin pero hindi niya maidaan sa salita. Gusto niyang magpahinga pero dahil narito ako sa harap niya ay hindi niya makuha.

"Gagawin mo pa rin ang lahat ng gusto mo," tatango-tangong sabi ko, tumitig lang siya sa 'kin. Napabuntong-hininga ako at napapikit. **"Wala na bang ibang paraan para maayos 'to? Makikipagtulungan ang pamilya ko."**

Tumalim bigla ang tingin niya sa akin. **"Ano ba ang tingin mo sa iyo at sa pamilya mo? Gano'n ba talaga kayo kataas sa tingin mo?"**

Kumunot ang noo ko. **"Lovemir..."**

"Hindi ninyo kailangang manghimasok sa gulo ng iba, Maxpein. Kaya ka napapahamak ay dahil sumasali ka sa larong hindi ka naman

inalok sumali."

Napangisi ako, hindi ako makapaniwala. **"At inaasahan mong hahayaan ko na lang kayong gawin ang lahat ng gusto ninyo sa kanila?"** Napahalakhak pa ako sa inis. **"Alam mong mahahalaga sa 'kin ang mga taong 'yon! Mahalaga sa akin ang pamilya ng mga Enrile! Lalong-lalo na si Deib Lohr!"** Hindi ko na napigilan ang sarili ko.

"Tone down your voice." Nagbabanta ang tinig niya, bahagya pa akong dinuro. **"I will do what I want and you will do what pleases you. I don't live to meet your expectations as well as you're not living to meet mine. We are a different person, Maxpein. You have a mind of your own, a world of your own. If you can't deal with my thing, back off."** Naglakad siya papalapit sa pinto, doon ko lang uli napansing iika-ika siyang maglakad. Binuksan niya ang pinto at tumingin sa akin. **"You may leave."**

"Lovemir--"

"Be there for those who needs you, I'm not one of them."

Napabuntong-hininga ako sa lamig ng pakikitungo niya. Ang kaharap ko ngayon ay malayo sa Lovemir na nakilala ko kaya naman hindi na ako nagmatigas pa. Hindi ko na pinatagal pa ang pagtataboy niya. Minsan ko pa siyang tiningnan at saka ako lumabas.

Tahimik na ang mansyon nang makauwi ako. Uminom lang ako ng tubig sandali at dumeretso na ako sa kwarto. Nagpahinga lang ako sandali at saka ako naligo. Nilalamon na naman ako ng mga bagay-bagay na tumatakbo sa isip ko. Kinakabahan ako sa bagay na hindi ko alam kung ano.

Nakahiga na ako sa kama nang may kumatok nang dalawang beses. Hindi ko pa nagagawang sumagot ay bumukas na 'yon at tumambad sina Yaz at Naih.

"'Buti naman at gising ka pa," nakangising dumeretso si Naih sa kama at nahiga sa tabi ko. **"Pahiga, ah!"**

"Tss."

"Ako rin," ani Yaz matapos ihiga ang kalahating katawan sa tabi ko. Hindi pa nakontento ang magkapatid, nakisalo pa silang pareho sa kumot ko.

"Anong trip 'to?" angil ko habang nakaupo at nakasandal sa unan sa likuran ko.

"Ate, sabihin mo na," utos ni Naih.

"Uhm," pagpapaligoy ni Yaz. Bahagya siyang tumabingi papaharap sa 'kin. **"Bukas kasi--"**

"Uuwi na kasi kami sa 'min," pinutol ni Naih ang sinasabi ng kapatid. Nilingon ko naman siya. **"Sasabay na kami kina mommy't daddy pabalik sa Cebu. Sige, ate, sabihin mo na."**

"'Ayun nga," ani Yaz. Siya naman ang nilingon ko. **"Actually, we were planning to stay longer but--"**

"Busy ka, eh!" pangunguna na naman ni Naih dahilan para mapunta na naman sa kaniya ang aking paningin. **"Ang plano sana namin ay mauuna na sina mommy sa Cebu bukas, sa katapusan kami susunod do'n ni ate. Kaso kitang-kita namang busy ka, eh, tingnan mo naman katatapos lang ng graduation, eh, nawala ka na naman! 'Tsaka hindi pwedeng wala ro'n sina mommy, lalo na sa daddy, kasi sila talaga ang namamahala sa business namin."** Naramdaman ko ang lungkot ni Naih. **"Sige, ate, ituloy mo na."**

Sinamaan pa muna ng tingin ni Yaz ang kapatid. Nilingon ko naman na agad siya. **"Nalulungkot kami kasi uuwi na kami, Max. Syempre, nasanay na kaming kasama ka, lalo na iyang si Zarnaih. Kaso kailangan, eh."**

"Naiintindihan ko naman." Ngumiti ako. **"At saka, bakasyon lang naman, 'di ba?"** Tiningnan ko silang dalawa. **"Babalik ka pa rin naman, Yaz, 'di ba?"**

"Oo nga, bakasyon lang naman." Sabay na tumango ang magkapatid.

"Ayos lang 'yon, basta babalik kayo." Ngumiti uli ako.

"Sabihin mo na 'yong isa, ate," muling utos ni Naih. Nilingon ko siya bago muling lingunin si Yaz.

"Ano 'yon?" Kumunot ang noo ko.

"Eh, bukas na nga kasi kami babalik sa Cebu kaya--"

"Hindi kami aabot sa birthday celebration mo, Max!" sa ikatlong pagkakataon ay pinangunahan ni Naih ang kapatid. Natawa ako pero agad ding nagitla nang bigla niya akong yakapin.

"Letse ka talaga, Zarnaih!" angil ni Yaz pero hindi ko na siya nagawang pansinin. OA na naman kasi si Naih, bago pa mapigilan ay humahagulgol na sa balikat ko.

"Bukas naman ang birthday ko, aabot pa kayo," nakangiting sabi ko. **"'Tsaka hindi ko alam kung maghahanda pa ako."**

"Maaga kasi ang flight namin bukas, baka nga tulog ka pa kapag umalis kami," umiiyak na ani Naih. Natawa na naman tuloy ako. **"Gusto ko sanang mag-celebrate kasama ka kaso ay birthday rin ni daddy sa**

makalawa. Kaya kailangan na rin naming sumama sa kanila, hindi na kami pwedeng mag-stay hanggang sa katapusan."

Tumango ako at hinagod ang likuran niya. **"Naiintindihan ko naman 'yon. At saka, ilang beses naman na tayong nag-celebrate ng birthdays nang magkasama. Madalang mong makasama ang pamilya mo kaya sige na, okay lang sa 'kin. Pwede naman tayong mag-celebrate sa susunod na taon. O kung gusto niyo ay mag-celebrate tayo pagbalik ninyo."**

"Talaga?" humiwalay sa 'kin si Naih. Natatawa akong tumango. **"Psh! Masyado ka kasing busy! Magbakasyon ka naman, 'oy!"**

"Kailangan, eh. At alam ko namang naiintindihan mo." Pinisil ko ang pisngi niya.

Lalo siyang ngumuso. **"Pero sana ay matapos na lahat, ako kasi ang natatakot para sa inyo, eh. Lalo na sa 'yo. Psh."**

"Bakit naman?"

"Dahil alam ko ang takbo ng utak mo, sige ka lang nang sige. Minsan, isipin mo rin naman ang kaligtasan mo, Max."

"Oo na nga. Tss. Birthday na birthday, eh."

"Psh! Oh, sige na, magpahinga ka na. Dumaan lang talaga kami ni ate para magpaalam sa 'yo. Panigurado kasing tanghali ka nang babangon bukas."

"Gano'n ba kaaga ang flight niyo?"

"Oo, alas otso ng umaga. Nakaempake na rin kami kanina pa no'ng wala kayo."

"Gigising ako nang maaga bukas, ihahatid ko kayo sa airport," nakangiting sabi ko.

Nagliwanag ang mukha ni Naih. **"Talaga? Sige, hehehe! Syempre, gusto ko 'yan!"**

"Sige na, magpahinga na kayo, maaga pa pala kayo bukas."

Mayamaya lang ay naglakbay na naman sa kung ano-anong isipin ang utak ko. Masyadong aktibo. Naisip ko ang nangyari kanina lang, lalo na ang mga gagamba. Napapikit ako nang maalala ko ang pakiramdam ng mga paa nito sa balat ko. Pakiramdam ko ay unti-unti na namang nanghihina ang katawan ko kaya agad kong pinalis iyon sa isip ko.

Gusto kong matawa dahil kung hindi pa ipinaalala ni Naih marahil ay nakalimutan kong birthday ko. Totoong hindi ko naisip o ni naalaala.

Gano'n na nga ba ako ka-busy para hindi maalala ang sarili kong birthday? Tss. Kung maghahanda ako ay baka kung ano na namang pakulo ang gawin ng mga Rewis. Maigi na ring habang bakasyon ay doon na muna sila sa Cebu, malayo sa gulo na hinaharap namin ng mga Enrile ngayon.

MAAGA nga akong nagising kinabukasan. Nagulat pa ang magkapatid nang makitang bihis na rin ako nang makababa sila. Sabay-sabay pa kaming nag-agahan kasama ang mga magulang nila at pamilya ko. Binati nila akong lahat nang paulit-ulit, kinantahan pa nga ako ng magkapatid. Syempre, hindi mawawala ang tawanan lalo na kapag bumira na ang bibig ni Naih. Pakiramdam ko tuloy, ngayon pa lang ay nami-miss ko na siya.

Matapos nilang makapagpaalam ay inihatid ko na sila sa airport gamit ang sasakyan ni Yaz. Syempre, hindi nahinto ang bibig ni Naih hanggang sa maibaba namin ang mga gamit.

"Sa susunod ay kayo naman ng pamilya mo ang dumalaw sa amin sa Cebu, Maxpein, hija," ani Tita Zarina.

"Oo nga naman, maigi iyong nagpapahinga at nagbabakasyon kayong buong pamilya. Masyado kayong abala," dagdag ni Tito Nic.

"Sige, tito, tita, sasabihan ko sila," nakangiting sagot ko.

"Naku, itu-tour ko kayo ro'n, promise!" ani Naih.

"Oh, pa'no, Max? I'll see you again in less than three months?" Lumapit at yumakap sa 'kin si Yaz na sinundan naman ni Naih.

Sobrang higpit ng yakap ni Naih, pakiramdam ko ay umangat ang puso ko papunta sa lalamunan. **"Happy birthday, ulit! 'Yong regalo ko, pagbalik ko na, ah?"**

"Ayos nga lang kahit wala na," natatawa kong sabi.

"Mami-miss kita, Max! 'Wag kang magpapagutom, ah? Sinabihan ko na 'yong cook niyo na lutuan kang parati, araw-araw! Sinabihan ko na rin siyang timplahan ka ng kape doon sa maliit na puswelo at walang asukal. Sinabi ko na rin sa kaniya na hindi ka pwedeng kumain nang higit sa isang itlog sa isa isang araw. Ibinilin ko na rin na 'wag kang hahayaang kumain ng matataba, mamantika at pagkain na may keso at beans. 'Wag mong pababayaan ang sarili mo, ah? 'Wag kang magpapaulan, sakitin ka pa naman."

"Naih," lumayo ako sa pagkakayakap niya. **"Tatlong buwan lang tayong magkakahiwalay."**

"Hindi na kasi ako sanay! Psh! Napaka-sweet mo, ah!"

"'Wag ka kasing magsalita na para bang wala ka nang balak na bumalik dito."

"Syempre, sasakay ako ng eroplano! Kailangang may mga ganitong habilin! Dadaan nga akong Duty Free para mamili. Makaarte lang! Psh!"

"Tss. Sige na, sige na. Baka maiwan kayo ng eroplano sa dami ng sinasabi mo."

"'Wag kang mag-alala, kapag may nakalimutan ako, itatawag ko sa 'yo."

"Tss. Sige, sasagutin ko." Natawa pa kaming pareho. **"See you soon,"** nakangiting sabi ko 'tsaka tuluyang tinanaw ang paglayo nila. Natatawa-tawa pa ako dahil pakiramdam ko ay umaalingawngaw pa sa pandinig ko ang matinis na boses ni Naih.

Habang nagmamaneho pauwi ay 'tsaka ko lang naisip ang mga habilin niya. Wala na nga namang magluluto ng agahan namin na kasinsarap ng luto nila. Ang cook kasi namin ay Korean, pulos Korean dishes ang alam nitong lutuin. Ang magkapatid na iyon ay hindi pumalya kailanman sa paggising nang maaga para magluto ng agahan para sa akin. At nang lumipat kami sa mansyon, buong pamilya ko ang nilulutuan nila ng agahan. Hindi lang ako ang makaka-miss sa luto at ingay nilang dalawa, lahat kami.

Ipinasok ko sa garahe ang kotse ni Yaz, wala naman kasing gagamit no'n habang wala sila.

"Where have you been?" tinig ni Maxwell, nilingon ko siya. **"Ang tahimik ng bahay, ah?"** Galing siya sa loob at sinadyang lumabas para tingnan kung sino ang dumating. Mukhang saulo niya na ang tunog ng sasakyan ni Yaz.

"Inihatid ko sina Naih sa airport."

"Where are they going?"

"Uuwi ng Cebu."

Nakita ko siyang natigilan bago tumango-tango. **"I see."** Nakita ko rin siyang bumuntong-hininga. **"Mabuti naman, tahimik na."**

"Madalang ka dito pero ikaw ang pinakanaiingayan, ah?" ngingisi-ngising sabi ko, sumimangot naman siya. **"Bakit nga pala nandito ka?"**

"It's your birthday today, and we're going to celebrate." Nagkibit-balikat siya. **"Tinapos ko lahat ng kailangan kong gawin kagabi pagkauwi kaya libre ako ngayong araw. Happy birthday."**

"Regalo ko?" biro ko habang nakalahad ang palad sa kaniya. Lumapit siya at umakmang hahalik sa pisngi ko kaya umatras ako.

"What?" natatawa niyang sabi. **"Happy birthday, my baby girl!"** aniya na umasta namang yayakap sa akin.

"Hands off. Tss," dinuro ko siya bilang pagbabanta 'tsaka ako dumeretso papasok.

Naramdaman ko naman ang pagsunod niya. **"May bisita ka."**

Napalingon tuloy ako sa sala upang muling matigilan. Nakatayo si Sensui at may bitbit na tatlong bungkos na may tatlong kulay rin na rosas. Sa harap niya, nakapatong sa center table, ay isang malaking kahon at mukhang cake ang laman niyon. Napatitig ako ro'n at muling nilingon ang mga rosas na hawak niya.

Nagkibit-balikat si Sensui. **"Hindi ako makapili kung anong kulay ang magugustuhan mo, eh, kaya binili ko lahat."** Ngumuso siya. Napangiti agad ako sa dahilan niya 'tsaka ako napailing.

Magsasalita na sana ako nang mula sa kusina ay magsipaglabasan ang mga tao. Nagulat ako nang makitang naro'n buong pamilya ni Sensui kasunod ang buo ring pamilya ko.

"Happy birthday!" malakas at sabay-sabay nilang pagbati hawak ang bote ng champagne na inalog-alog para sa 'kin, at confetti na sabay-sabay rin nilang ipinaulan.

"Thanks." Naging napakalawak ng pagngiti ko, hindi ko kasi inaasahan 'yon.

Naramdaman ko ang paglapit ni Sensui sa tabi ko, hinapit niya ang bewang ko papalapit at bago pa ako tuluyang humarap sa kaniya ay yinakap niya na ako. Gusto ko na namang maubo sa sobrang lakas ng pabango niya pero hindi ko na nagawang pansinin 'yon dahil natuon ang pansin ko sa napakahigpit niyang pagyakap.

Kinintilan niya ako ng halik sa pisngi 'tsaka ako hinarap. **"Happy birthday, babe. Dinala ko na ang pamilya ko para kapag tinopak ako ay isasabay ko na rin ang pamamanhikan ko."**

"Tss."

"Nagdala ako ng handa mo, Maxi, hija!" ani Mrs. Enrile na hawak talaga ang kaldero, umalingasaw agad ang masarap na amoy ng ulam mula ro'n.

"Salamat, tita."

"Let's eat?"

Busog pa ako pero hindi ko napigilang pagbigyan sila. Lalo pa nang makita ko kung gaano karami ang nakahanda sa mesa. Iba't iba ang nakahaing putahe, masasarap nang tingnan at lalo na nang aking matikman.

Naro'n ang buong pamilya ko, syempre. Maging ang pamilya ni Heurt ay naro'n din bukod sa pamilya ni Sensui. Nagsalo-salo kami at masayang nagkwentuhan. Gaya ko ay hindi na rin sila nagplano ng en grandeng handaan dahil nag-aalala silang baka may kung ano na namang mangyari. Pinuno na lang namin ng tawanan ang sandaling iyon.

Nang makapagpahinga kami sa pagkain ng mabibigat ay ibinida na ni Sensui ang dala niyang cake para sa 'kin. Inilapag nila iyon sa mataas at pabilog na mesa at ipinuwesto sa gitna ng sala. May isang mahabang kandila sa pinakaitaas ng tatlong layer na cake, may anim na maliliit pang kandila na nakapalibot doon. Sinindihan ni Randall ang bawat kandila at saka sila pumabilog at humarap sa akin.

"What's your birthday wish?" tanong ni Chairman Moon.

Napangiti ako. **"Peace,"** napangisi ako bigla. **"World peace."**

"Kayang ibigay ni Deib Lohr 'yan!" pang-aasar ni Randall dahilan para matawa kaming lahat.

Mayabang namang naglakad si Sensui papalapit sa 'kin at umakbay. **"I can't give you world peace, but you will always be my beauty queen, baby babe. Happy birthday,"** aniya na kumurot sa cake at ipinahid ang icing sa puno ng ilong ko.

"Ay," kunyaring naasar ako. Kumurot din ako ng icing at ipinahid iyon sa pisngi niya.

Sumimangot siya at muling kumurot ng icing. Pero hindi niya iyon sa pisngi ko ipinahid kundi sa labi. At mas nagulat ako nang bigla niya akong halikan dahilan upang makain niya ang icing kasama ang labi ko. Hindi ko nagawang kumilos o magsalita, nagulat ako masyado sa kaniyang ginawa. Hindi ko inaasahang gagawin niya 'yon sa harap ng pamilya naming pareho.

"Mababaog pala, ah?" matalim ang titig niyang sabi. Kinagat niya ang sariling labi 'tsaka iyon dinilaan. **"Tingnan natin."**

"Woi," sinamaan ko siya ng tingin.

"Mababaog," tatango-tango niyang sabi.

Makikipag-asaran pa sana ako sa kaniya ngunit natinag na ako sa paglapit ni Maxrill. Bibit ang isang platito sa parehong palad ay hinarap niya kami. **"Can I have a slice of your cake, Noona?"** inosente niyang

sabi. **"And another slice for Hee Yong, please,"** doon palang siya ngumiti. Natawa ang lahat sa itinuran niya.

Kinahapunan ay dumating sina Tob at Lee kasama sina Michiko, BJ at Migz. Dumating din sina Barb at Jep kasama sina Manyur, Bri, Beka at Boy. Tuloy ay nauwi na naman sa kantahan ang munting selebrasyon. At hindi ako makapaniwalang nakikihalubilo sa 'min si Chairman na walang-humpay sa pagtawa habang nakikipagkwentuhan sa mga bakla. Mas nagulat pa ako nang mayamaya lang ay nakisalo siya sa kantahan bagaman pulos matatanda na ang kantang alam niya.

Walang paglagyan ang tuwa sa puso ko. Hindi man kasi ganoon kagarbo ang handaan gaya nang nakasanayan ko, noon lang ako nakaranas ng birthday celebration na totoong masaya ako. Iyon palang ang birthday celebration na wala akong naramdamang sakit, lungkot o pagkadismaya man lang. Bagaman kulang dahil wala sina Naih at Yaz ay kontento ako.

Ang lahat ay may regalo sa akin pero anila ay mamaya ko na buksan, kapag hindi ko na sila kaharap. Pero sa mga iyon ay iyong regalo ni daddy ang pinaka-obvious, sa box pa lang ay alam ko nang kotse iyon.

"Maxpein, come here," tinawag ako ni Chairman Moon mayamaya. Sandali ko siyang tiningnan bago ako tumayo at naupo sa tabi niya. Ang lahat ay nakatingin sa amin. **"Here's my gift for you."** Iniabot niya sa akin ang isang regalo.

Ang balot ay kulay-tsokolateng papel na may makalumang istilo ng disenyo. Maging ang tali na ginamit doon ay gawa sa papel pero naipoporma bilang pantali. Mukhang scrapbook tuloy ang regalo niya sa akin, at hindi nga ako nagkamali nang buksan ko iyon. Pinanood ako ng lahat na mangiti habang tinitingnan ang nasa unang pahina.

Isa iyong litrato ng sanggol na sa unang tingin ay hindi ko makilala. Kung hindi ko pa nakita ang araw ng kapanganakan at pangalan ko sa ilalim niyon ay hindi ko malalamang ako pala iyon. Ang lahat ay nakasulat sa salitang Koryano.

"That's our Maxpein Zin nineteen years ago," ani Chairman Moon. Hindi ko nagawang lumingon sa kaniya, napatitig ako sa litrato ko na noon ko lang nakita. **"Nang ibigay ka sa amin, aaminin kong natakot ako."** Gumaralgal bigla ang tinig niya. **"Dahil nagkaroon ng babae sa pamilya ko. At alam mo kung bakit."**

Muli kong inilipat ang pahina at doon tumambad ang larawan ko kung saan hawak-hawak ako ng lola ko. Batang-bata pa siya ro'n, malakas,

masigla at animong walang problema.

"Sa amin lahat, ang lola mo ang pinakamasayang tao nang dumating ka sa aming buhay, Maxpein. Bago ka namin lubos na matanggap ay siya muna. Utang namin ang lahat sa kaniya ngayon," dagdag ng Chairman.

Nagsipagtayuan ang mga naroon at nagpunta sa likuran ko. Nagsiksihan ang lahat para makita ang regalong tinitingnan ko. Inilapag ko naman iyon sa binti ko para makita ng lahat.

Ang sumunod na larawan ay dilat na dilat ang mga mata ko habang may pacifier pa sa aking bibig. Si Mokz ay may karga sa akin at sa harap namin ng aking pamilya ay may cake.

"Iyan ay kuha noong mag-isang taon ka. Naghanda kami pero walang oras ang lahat para sa selebrasyon. Masyado kaming abala sa kani-kaniyang ginagawa." Muling nagkwento ang Chairman. **"Maagang umuwi si Maxwell noon at dinalhan ka ng torotot. Pero dahil maingay, umiyak ka raw nang umiyak."** Natawa ang Chairman sa huli.

Ang bawat pahina ay may litraro ko, sa ilalim niyon ay naroon kung kailan kuha iyon o kung ano ang okasyon. At bawat kuha ay sinasabi sa akin ng Chairman ang nangyari sa panahong iyon. Mula sa wala pa akong isip hanggang sa magkaroon na ng tamang pag-iisip.

"Iyan iyong unang beses na mag-aral si Maxpein." Nagkwento na ang Chairman para sa lahat. **"Tuwang-tuwa kaming lahat nang makita namin siyang nakauniporme."**

Tiningnan ko ang kabuuan ko at gusto kong matawa dahil wala na ngang kulay ang larawan ay wala pang kakulay-kulay ang mukha ko. Walang kabuhay-buhay ang hitsura kong masama at pailalim ang tingin sa kumuha. Para akong girl's scout sa unang tingin, kulay berde ang buong uniporme at may itim na belt. May itim din na maiksing kurbata at may kung anong maliit na sombrero ako sa ulo. Mataas ang medyas at may itim na sapatos. Ang parehong kamay ko ay nakahawak sa magkabilang strap ng backpack.

"Unang araw palang iyon ng klase ay tumawag na ang principal ng paaralan," patuloy ng Chairman. Napapangiti akong nagbaba ng tingin sa kahihiyan bagaman wala akong maalala. **"Syempre, noong una ay nagalit kami, lalo na ako. Galit na galit ako noon. Bakit 'kako unang araw pa lamang ng klase ay ipinatatawag na ang kaniyang mga magulang? Ano ika ko ang kaniyang ginawa?"** Bumaling ang Chairman paharap sa akin. **"Naaalala mo ba ang nangyari sa araw na iyon, Maxpein?"**

"Hindi ho," natatawa kong sagot.

Nakangiting bumuntong-hininga ang Chairman 'tsaka tumingin sa kung saan na animong may inaaalala. **"Dahil abala sina Maze at Mokz noon ay ang daddy mo ang pumunta sa paaaralan. Gusto rin daw niyang magalit noon pero nang malaman niya ang tunay na dahilan kung bakit siya ipinatawag ay natuwa siya."**

"Ano po ang nangyari?" excited na tanong ni BJ.

"Hindi makapaniwala ang mga titser sapagkat perfect ang scores niya sa lahat ng exam sa araw na iyon bagaman wala pang naituturo. Baka raw special child si Maxpein." Doon natawa nang todo ang Chairman.

Nawala namang bigla ang ngiti sa mukha ko. **"Lokong teacher 'yon, ah?"** angil ko.

"Sandali, kukuha lang ako ng maiinom at hinahapo ako sa katatawa," paalam ng Chairman na agad tumayo.

"Ako na, Chairman," pangunguna ko pero nakangiti niya akong pinigilan.

Pinanood ko siyang lumapit sa isa sa mga mesa at dinampot ang mug na iniregalo ko sa kaniya. Napangiti ako nang makita siyang uminom doon. Muli siyang nagsalin ng tubig sa mug at haharap na sana ulit sa 'min nang magkabanggan sila ni Chairman Enrile. Ang sumunod kong narinig ay meron ng nabasag.

Agad akong napatayo at napatingin sa paanan ng dalawang Chairman. Ganoon na lang ang gulat ko nang makitang ang mug iyon.

"Chairman," agad akong lumapit nang makitang akmang pupulutin niya ang mga piraso niyon. **"Ako na,"** sabi ko pero parang wala siyang narinig.

Natigilan ako nang makita kung paanong nagmadali ang Chairman na ipunin ang mga piraso nang nabasag na mug. At sa sobrang pag-aalala kong masugatan siya ay naupo ako sa harap niya at padarag kong kinuha ang kaniyang braso.

"Chairman," tawag ko, tumingin siya sa akin na para bang nawawala sa sarili. Alalang-alala at parang nagugulat pa dahil nabasag ang mug niya.

"Hindi ko sinasadya, Maxpein," gumagaralgal ang tinig ni Chairman Moon.

"Chairman, it's okay. Ako na," tumango pa ako.

Umiling siya at muling tiningnan ang mga piraso ng bubog. **"No. It's not okay. It's your gift for me, Maxpein. It's not okay."**

"Chairman, ako na. Baka masugatan kayo niyan."

"No."

"Chairman." Pinilit ko siyang itayo. **"It's okay, it's okay."**

Napatitig siya sa akin nang may panlulumo. **"I'm sorry, I didn't mean to--"**

"It's okay, Chairman. I can give you a new one."

"I don't want a new one, Maxpein," malungkot niyang sabi na muling tiningnan ang nabasag nang mug.

"I am so sorry," paumanhin ng isa pang Chairman. Nakangiti ko itong tinanguan. **"Hindi ko sinasadya."**

"Ayos lang, Chairman, aksidente," sabi ko na muling tiningnan ang mug nang may panghihinayang. **"Maupo na uli kayo, magpapahatid ako ng maiinom sa mesa."**

Agad na lumapit si Maze para alalayan si Chairman pabalik sa kaninang kinauupuan. Nagpatulong naman ako sa tauhan na linisin ang nagkalat na bubog. Palibhasa'y malaki ang mug kaya maraming piraso ang nagkalat.

Hindi na namin nagawang balikan ang kaninang pagkukwentuhan matapos kong ayusin ang nabasag. Pagbalik ko ay malungkot na ang Chairman at animong napakalalim ng iniisip. Mabuti na lang at tumabi sa kaniya si Maxrill at nilaro nilang pareho ang aso nito, bumalik ang sigla ng Chairman at sandaling nakalimutan ang nabasag niyang baso.

"Noona, what is love?" mayamaya ay bumanat ng tanong si Maxrill. Napalingon ang lahat sa amin, natuon lang ang paningin ng lahat sa akin nang hindi ko nagawang sumagot agad. **"Noona?"**

"Eh?" napapaisip kong tugon.

"What is love?" inosente niya na namang tanong.

"Ah..." Napatingin ako kay Sensui na noon ay nakatingin na rin sa 'kin. Bahagyang nakaawang ang mga labi niya at may tipid na ngisi. Animong nanunukso nang walang salitang sinasambit. **"Well, love is like a food, Maxrill."**

"Food?" kunot-noong ani Maxrill. **"Why?"**

"Because you can't live without it." Napakamot ako sa ulo dahilan para matawa ang lahat ng naro'n.

"If it's like a food then..." Pabulong iyong sinabi ni Maxrill na para bang hirap na hirap sa iniintindi. **"Should I eat my dog?"** Nanlalaki ang mga matang tanong niya, hindi makapaniwala.

"Eh?" nagugulat akong napatingin sa kaniya. **"Ano na naman ba kasi 'yang naririnig mo?"**

"Chairman asked me if I love Hee Yong and I said yes. Now I am wondering what is love. I really don't know what that means, Noona."

"Just..." Iniharap ko ang hintuturo sa kaniya. **"Just stop asking, okay?"**

"And I heard you say I love you, too before. Does that mean that you want to eat that person too?"

"Maxrill? Just shut up." Nainis ako lalo nang mangibabaw ang matinding tawanan, lalo na ng Chairman.

"He's so cute," ani Mrs. Enrile.

"But annoying most of the time," dagdag ko. Lumabi naman ang kapatid ko.

Gabi na ng matapos ang handaan, naunang nagpaalam ang mga kaibigan namin ni Sensui bago ang pamilya nina Heurt. Tumulong naman munang mag-ayos ng mga gamit si Mrs. Enrile bago tuluyang nagpaalam.

"Maiiwan daw si Deib Lohr dito, Maxi, ayos lang ba iyon?" ani Mrs. Enrile na siyang ikinagulat ko. Napatingin ako kay Sensui bago palihim na tumingin sa pamilya ko.

"It's okay, may guest room naman," si Maze ang sumagot.

"Talagang pinaghandaan mo 'to, ah?" bulong ko kay Sensui.

"Ganito ako manligaw, eh," ganting bulong niya.

Sandali uli akong binati nina Mr. and Mrs. Enrile, Manang, Randall at Dein Leigh bago nagpaalam ang mga ito. Iniligpit ko ang ilan sa mga nakakalat na gamit habang si Sensui ay abala sa pakikipagtawanan kina Mokz, Chairman Moon at Daddy. Pero nang matapos ang lahat ay nagpaalam na ang lahat sa amin at kami na lang ang naiwan sa sala.

"Ang sabi ng Chairman ay pwede raw akong matulog sa tabi mo, Taguro." Bigla akong napalingon kay Sensui nang sabihin niya 'yon. Nginisihan niya ako 'tsaka sabay na pinaangat nang tatlong beses ang mga kilay niya. **"Sigurado naman daw siyang wala akong magagawang ikagagalit mo."**

"Hindi ganiyan ang manligaw, Sensui."

"Syempre, biro lang 'yon, hehehe."

"Tss."

"I love you, babe."

"Anong babe?"

"I love you, Taguro."

"Tss. Umakyat ka na ro'n at maligo."

"Hindi pa ako inaantok, pwede ba akong tumambay muna sa kwarto mo?"

"Hindi."

"Sige, ikaw na lang ang tumambay sa kwartong tutuluyan ko."

"Asa."

"Taguro naman? Gusto pa kitang makausap, eh."

"Pagod ako. I-text mo na lang ako, magre-reply ako sa 'yo."

"Ang sweet mo, ah? Kaya nga ako matutulog dito para makasama kita nang matagal. Sabi mo ay hindi mo 'ko pahihirapan?"

"Tss, sinabi ko ba 'yon? Hindi ba't ang sabi mo ay kahit pahirapan kita, kahit maghirap ka, gagawin mo para lang bumalik ako?"

"Oo na, oo na." Isinuko niya ang parehong kamay. **"Pero sige na, payagan mo na ako."**

"Saan na naman?"

"Na makasama ka sa gabing 'to, hehehe."

"Oo na. Tss. May magagawa pa ba naman ako, eh, nandito ka pa?" Ako ang naunang tumayo. Palihim akong napangisi sa katotohanang makakasama ko siya. Sabay kaming umakyat pero nasa likuran ko siya. Inihatid ko siya sa guest room, pinagbuksan ng pinto at ilaw. **"Dito ka matutulog. Kompleto ang gamit dito pero kung may kailangan ka ay 'wag ka mahiyang humingi. Pwede mo ring gamitin lahat ng kailangan mo na meron dyan."**

Nilingon ko siya nang hindi siya magsalita. Ang loko, nakasandal sa hamba ng pinto, magkakrus ang mga braso at ngingisi-ngising nakatitig sa akin.

"What?" angil ko.

"Paano kung wala diyan ang kailangan ko?" isinenyas niya ang loob ng kwarto. **"Paano kung ang kailangan ko ay nasa harap ko?"**

"Paano kung sa labas kita patulugin?" inis na sabi ko.

Ngumuso agad siya. **"Taguro..."**

"Maligo ka na," sabi ko at saka siya tinalikuran.

Muli akong napangisi nang maglakad ako papunta sa kwarto ko at mas napangisi nang makapasok. Sandali akong nagpahinga habang tinitingnan ang mga regalong natanggap ko. Bagong sapatos mula kay Maxwell, bagong cellphone mula kay Maze, bagong laptop mula kay Mokz, at

bagong kotse mula kay daddy. Bukod doon sa regalong ibinigay ni Chairman Moon kanina ay nagulat ako sa regalo niyang hawak ko ngayon. Titulo iyon ng hotel sa Palawan at hindi ako makapaniwalang nakapangalan iyon sa akin. Gusto kong lumabas ng kwarto para tanungin siya pero siguradong natutulog na ito.

Itatanong ko na lang bukas.

Maging ang pamilya nina Heurt at Sensui ay may mga regalo sa akin, pati na rin ang mga kaibigan ko. Tumataba ang puso ko sa hindi malamang dahilan. Masaya kong pinagmasdan ang mga regalo.

At nang makontento ay 'tsaka ako naligo. Nakangiti kong pinaulit-ulit sa isip ko ang munting handaan kanina. Tahimik akong nagpasalamat na naging mayapa ang lahat, nakapagdiwang ako nang bagaman simple ay masaya naman.

Iyong dilaw na pares ng pantulog ang napili kong isuot. Humarap ako sa salamin at doon nagsuklay, hindi ko iyon gawain pero pinili kong gawin dahil ayaw kong makita ako ni Sensui na buhaghag ang buhok. Pero mayamaya lang ay may kumatok at napangiti ako nang makita si Sensui matapos bumukas niyon. Lalo pa akong napangiti nang kumaway siya sa akin at sumenyas na papasok. Tinanguan ko lang siya.

Hindi ko inalis ang paningin ko sa kaniya habang patuloy ako sa pagsusuklay. Gwapong-gwapo siya at gaya ko ay bagong ligo. Nakasuot siya itim na sando at checked na cotton pants.

Nakangiti siyang lumapit sa akin at niyakap ako mula sa likuran. Idinikit niya ang pisngi sa akin at tiningnan ako mula sa salamin. **"Baby babe?"** tawag niya.

"Hm?" tugon ko habang ang mga braso ko ay parehong nakaangat, abala pa rin sa pagsusuklay ng buhok ko.

"My baby babe?"

"Oh?"

"My one and only, baby babe..." Pakanta niya nang sinabi ang huli habang sabay na ikinekembot ang mga katawan namin.

"Tss." Sumimangot ako. **"Baklang Deib, my baklang Deib, my one and only, baklang Deib,"** pakanta ko rin iyong sinabi sa katulad niyang tono.

"Bakla ako, babe?" nakangising tanong niya, nakangisi rin akong tumango.

Umayos siya ng tayo at saka ako binitiwan. Ibinaba niya ang pareho kong braso at pareho rin iyong inipit gamit ang yakap niya. Sa ganoong paraan ay wala akong laban. Pero hindi ko nagawang kabahan dahil ngingisi-ngisi pa rin siya sa akin mula sa salamin. Bukod doon ay madali lang siyang patumbahin.

Bahagyang umakyat ang mga braso niya, mas humigpit pa ang pagkakayakap niya. 'Tsaka niya muling ipinatong ang baba niya sa kanang balikat ko. Idinikit niya nang todo ang pisngi niya sa pisngi ko dahilan para bahagyang tumabingi ang aking ulo.

"Pwede kitang halikan, Taguro?" malambing niyang tanong habang nakatingin kami sa isa't isa mula pa rin sa salamin.

"Sa pisngi? Oo naman," nakangising tugon ko sabay kindat.

"Hindi, hindi sa pisngi."

"Tss. Saan?"

"Dito, kung nasaan ang kamay ko, Taguro." Siya naman ang ngumisi. Tumaas ang kilay ko ngunit agad ding kinabahan nang maramdaman ko ang marahang pagpisil niya sa bukana ng dibdib ko.

"Sira ba ang ulo mo?"

Ngumisi siya at saka ngumisi. **"Oo, dahil nagpaalam pa ako sa iyo. Sana pala ay dumeretso na lang ako."**

Kinotongan ko siya. **"'Yang labi mo, bulakbol masiyado. Kung saan-saan gustong pumunta!"** kunyari kong piningot ang labi niya.

Ngumiwi siya. **"Bakit ba nagagalit ka? Ayaw mo na ba sa halik ko?"**

Kumalas ako nang tuluyan at hinarap siya. Tiningnan ko ang kaniyang kabuuan saka ko siya nginisihan. **"Iba ang nagagalit sa nagpipigil, Sensui."** Natawa ako sa huli.

Sandali siyang natitiglan, napapangangang tumitig sa akin. Pero sa halip na salita ay ibang sagot ang natanggap ko mula sa kaniya. Hinawakan niya ang magkabilang bewang ko at inilapit sa ako sa kaniya. Bago ko pa nagawang tumanggi ay nasakop niya na ang mga labi ko.

Siniil niya nang paulit-ulit ang ibaba at itaas kong labi, nararamdaman ko ang panggigigil niya. Marahan niyang ibinuka ang labi ko, agad naman akong nagpaubaya.

Naramdaman ko ang mga kamay niyang nagpapaikot-ikot sa likuran ko hanggang sa malipat ang mga iyon sa braso ko. Taas-baba niyang hinaplos ang buo kong braso hanggang sa pulsuhan ko. Isinampay niya ang pareho

kong kamay sa kaniyang batok. Ipinuwesto niya naman ang parehong kamay sa leeg ko, itinatabingi sa magkabilang gawi ang aking ulo.

Ang parehong hinlalaki niya ay paulit-ulit na humahaplos sa panga ko. Ang iba pa niyang mga daliri ay naglilikot sa ilalim ng aking tainga. Hindi ko alam kung paano kong nararamdaman ang lahat nang iyon sa kabila ng nakakalunod na halik niya.

Mayamaya pa ay isinuklay niya ang mga daliri sa parehong kamay sa aking buhok, sa ganoong paraan niya iniangat ang aking ulo. Binitiwan niya ang labi ko at sa paghahabol ko ng hininga ay hindi ko akalaing mas mapapasinghap pa ako nang maramdaman ko ang labi niya sa aking panga. Napalunok ako, dahil hindi lang labi kundi maging ang dila niya ay nararamdaman ko na.

Mula sa panga ko ay gumapang ang halik niya papunta sa aking tainga dahilan para mapayakap ako sa kaniya. Naramdaman ko siyang ngumisi pero hindi ko na alam kung paanong tutugon, pakiramdam ko ay napunta na kami sa ibang dimensyon.

Ang kiliting idinudulot ng halik niya sa akin ay binabaliw ako. At ang estrangherong pakiramdam ay hinahayaan akong mawala sa sarili at maglakbay sa hindi pamilyar na lugar.

Kusa ring gumalaw ang mga kamay ko papunta sa likuran niya, lalo na nang maramdaman ko ang halik niya sa leeg ko. Napakapit ako nang matindi sa bewang niya, at namalayan ko na lang ay nakapasok na ang mga kamay ko sa loob ng sando niya. Naramdaman ko na naman siyang ngumisi pero hindi ko muli iyon nagawang tugunan.

"I love you," bulong niya sa tainga ko at muli akong napapikit nang maramdaman ko ang halik niya ro'n.

Sunod-sunod ang paglunok ko, hindi ko na malaman kung saan pa maihahawak ang kamay ko. Tinalunton ko ang buto sa likuran niya hanggang sa marating ko ang leeg niya. Bumabang muli ang halik niya papunta sa leeg ko pero hindi na iyon gaya ng kanina na padampi-dampi. Mas kakaiba na ang kiliti nang maramdaman ko ang dila niya kasama ng labi. At bago ko pa man napigilan ang sarili ko ay 'ayun na ako, gaya niya ay hinahalikan ang kaniyang leeg. Ginawa ko kung anong ginagawa niya nang nakapikit.

At bago ko pa man iyon maipagpatuloy ay naramdaman ko na ang kamay ni Sensui na inilalayo ang ulo ko. Hinawakan niya ang magkabila kong

pisngi at saka pilit na iniharap sa kaniya. Pareho kaming inaaninag ang isa't isa, animong nanlalabo ang mga paningin.

"Level-up ka, ah?" Ngumisi siya at saka ako kinintilan ng halik sa pisngi. **"Ikaw ba ang talaga ang may birthday o ako? Bakit ako ang may ganitong regalo?"**

"Tss." Napapahiya akong nag-iwas ng tingin.

Niyakap niya naman ako. **"You see neck kissing is heaven, except that it makes me breathe really hard and want to commit a lot sins right then...with you, Taguro. I love you, and I can wait."**

Napangisi ako at napailing na lang sa ginawa ko. Noon lang nangibabaw sa akin ang bilis ng tibok ng puso ko at aaminin kong bagaman nahihiya ako ay may kung anong tuwang idinulot sa akin ang bagong natutunan ko.

"Sa 'kin mo lang gagawin 'yon, ah?" dagdag bulong niya. Nagitla ako nang marahan niyang kagatin ang tainga ko. **"Patay ka sa 'kin kapag nalaman kong ginawa mo sa iba 'yan."**

"Tss, anong akala mo sa 'kin?"

"Sshh, galit ka na naman," hinaplos niya ang buhok ko. **"I don't want to say good bye to you, Taguro. I can't. I will never stop trying 'til I win you back. I can't give you up, babe."**

"Then don't."

Kumalas siya sa pagkakayakap sa akin at tinitigan ako sa mga mata. **"I will never let you go, no matter how hard the situation is. And I beg you to do the same for me. Don't push me away again, please."** Muli niya akong niyakap, sa sandaling iyon ay mas mahigpit na. **"I am with you for a reason, Maxpein, and it's to stay."**

"I'll keep you," pabulong na tugon ko. **"I'll keep you forever."**

Muli siyang humiwalay sa pagkakayakap sa akin. Nakangisi na siya nang tingnan ako. **"You believe in forever?"**

Ngumiwi ako. **"No. Tss. I don't really give a damn if forever exists but I'm willing to fight like hell for it."**

"Tsk tsk," umiling siya. **"Patay na patay ka talaga sa 'kin, 'no?"** 'Tsaka siya tumawa.

"Asa."

"'Wag ka nang tumanggi dahil gano'n din naman ako sa 'yo. Patay na patay rin ako sa 'yo. Ang swerte mo, Taguro."

"Kapal," bulong ko. **"Umalis ka nga diyan!"**

"Oh, tingnan mo 'to, galit na naman. Gutom ka na naman ba?"

"Ano?"

"Baka kaya mainit na naman iyang ulo mo dahil wala na namang laman iyang tiyan mo? Parato ka na lang galit. Kapag ikinasal na tayo, mababawasan iyan." Ngumisi siya, lalo naman akong sumimangot. **"Alam ko namang kaya ka lang ganiyan ay dahil kulang ka sa daily dose of Deib Lohr's kiss. Sa sobrang lakas ng karisma ko, hindi nakatiis si Taguro."**

"Tabi nga!" tinabig ko siya at akmang lalayo pero agad niya akong yinakap. **"Ano ba?"**

"Ano na naman ba ang gagawin mo?"

"Magsusuklay pa ako."

"Kanina ka pa suklay nang suklay diyan, eh! Maganda ka na, Taguro. Kahit hindi maayos ang buhok mo, nabihag mo na ang puso ko."

"Tss, ang korni mo. Tumabi ka."

"Magsuklay ka habang nakayakap ako. Manonood ako."

"Mangangalay ka."

"Tch. Alam mo bang ang mayakap ka ang paborito kong lugar sa mundo? Kaya wala akong pakialam kahit mangalay ako, Taguro."

Sa halip na sumagot ay nginiwan ko na lang siya. Kahit mahirap ay nagpatuloy ako sa pagsusuklay, mahirap kasi gusto kong mangiti pero dahil ayaw kong makita niya iyon ay pinigilan ko. Pinagmukha kong seryoso ang sarili ko hanggang sa makontento sa ayos ng buhok ko.

"I love you, Taguro," aniya habang nakatingin sa akin mula sa salamin.

"Mm."

"Tch! Ano na namang mm!" angil niya 'tsaka ako sapilitang iniharap sa kaniya. **"Bakit ba hirap na hirap kang sabihin na mahal mo ako, eh, halata naman?"**

"Tss. Bakit ba kailangan mo pang marinig, eh, naipaparamdam ko naman?"

"Sabihin mo na, Taguro!"

"I love you. Tss." 'Tsaka ko siya tinalikuran. Nanguna ako sa kama kaya doon ko nagawang ilabas ang ngiti ko.

Hindi mo alam kung ano ang nararamdaman ko sa t'wing magmamakaawa kang sabihin ko sa 'yong mahal kita, Sensui. Kinikilig ako kapag ginagawa mo 'yon. Tss.

~To Be Continued. . .~

OceanofPDF.com

CHAPTER 215

DEIB LOHR'S POV

"DEIB LOHR, hijo? Hi. What are you doing?" Nangibabaw ang tinig ni Maze habang abala ako sa kusina. Nakatingin siya sa ginagawa ko nang lingunin ko.

"Ipinagluto ko ng agahan si Maxpein, pasensya na po kung nakialam ako." Ngumiti ako nang todo.

Natawa naman siya. **"Pwede ko bang makita?"**

Lumapit siya at tiningnan ang tray na inihanda ko. Omelet, dalawang toasted bread and butter, at orange juice ang inihanda ko.

"Where did you get this?" Natatawang itinaas ni Maze ang maliit na vase na sinadya kong ilagay sa tray. Nilinis ko pa nang maigi 'yon kanina bago magluto.

Napapahiya akong nagkamot ng ulo. **"Pinitas ko lang diyan sa barukan niyo, President Moon. Pasensya na, hehehe."**

"Sweet ka, ah?" nakangiwing niyang sabi. Lalo akong napakamot sa ulo habang nakangiti. **"Pero mas magiging sweet ka siguro kung tatawagin mo akong tita."**

Sandali akong natigilan at saka napangiti. **"Sige, tita..."** Naiilang ako.

"Sige na, ipanhik mo na sa kaniya iyan at baka maunahan ka pa no'ng gumising."

"Sige po." Tinanguan ko siya at saka binuhat ang tray na inihanda ko.

Nakangiti akong umakyat hanggang sa makarating sa kwarto ni Taguro. Lalo akong nangiti nang makitang 'ayun siya, akala mo hindi na humihinga. Deretsong-deretso sa pagkakahiga habang magkakrus ang mga braso. Wala pa ring emosyon ang mukha niya at matindi ang pagkakasalubong nga mga kilay. Pero kahit na gano'n ay para akong kinikiliti sa kung saan-saang parte ng katawan habang pinagmamasdan siya.

Grabe. Biruin mo, malabo kami pero hinayaan niya akong matulog sa sofa na nasa kwarto niya? Bwahahaha! Ang sweet-sweet niya! Akala niya

siguro ay natutulog na ako kagabi? Hindi niya siguro alam na sinisilip ko siya! Nakikita ko siyang nakatitig sa 'kin! Bwahahaha!

"Tch. Gusto lang yata nitong kiligin kaya nagpapaligaw pa sa 'kin, hahaha," bulong ko sa sarili.

FLASHBACK

"Taguro?" tawag ko sa kaniya habang nakaupo siya sa sofa at nakaulo ako sa mga hita niya.

"Hm?" ungot niya habang hinihimay ang buhok ko.

"Anong pakiramdam mo habang sinasabi mo sa 'kin 'yong masasakit na salitang sinabi mo no'ng makipaghiwalay ka sa 'kin?"

Nadinig ko siyang bumuntong-hininga. **"Para akong pinipigilang huminga."** Seryoso niya akong tinitigan sa mga mata. **"Ikaw ang lahat sa 'kin, Deib. Lahat ay kaya ko at kakayanin ko, para sa 'kin at sa taong importante sa 'kin."** Nakita ko siyang lumunok bago tumingin sa iba. Mamasa-masa na ang mga mata niya nang muling tumingin sa akin. **"Pero 'yong saktan ka nang sadya at palayuin bigla sa 'kin, 'yong pakiramdam na kailangan kitang saktan at iyon na lang ang nakikita kong paraan, sobrang hirap. Sobrang sakit."** Ngumiti siya nang pilit at hinaplos ang noo ko. **"At mas nasasaktan pa ako sa t'wing maiisip ko 'yong nararamdaman mo. Kasi kung nasaktan ako, alam kong higit pa ro'n 'yong sakit na naramdaman mo."** Hindi ko inaasahang tutulo ang luha niya matapos sabihin 'yon, na agad niya rin namang pinahiran. **"'Buti hindi ka sumuko sa 'kin."**

Tiningnan ko siya sa mga mata. Hindi ko magawang ngumiti dahil masiyado akong emosyonal. **"Bukod kasi sa mahal kita, iyon ang hiniling mo sa 'kin. Ang 'wag kang sukuan kahit nasasaktan mo na ako. Tch. At hindi rin kaya ng puso ko. Hindi ko kayang alisin agad 'yong nararamdaman ko sa 'yo."**

Hindi niya ako sinagot. Sa halip ay ngumiti siya at tumitig sa mga mata ko. At sa sobrang tagal nang pagkakatitig niya sa ganoong paraan ay nailang ako.

"Kakaiba na 'yang mga titigan mo, Taguro, ah? Hindi ko pa nga nakakalimutan 'yong ginawa mo," ngingisi-ngising sabi ko.

Mabilis na tumaas ang kilay niya 'tsaka nagsalita, **"Anong ginawa ko?"**

"'Yong ano..." Hindi ko maituloy ang gusto kong sabihin, nangingiti ako na para bang kinikiliti.

"Alin?"

"'Yong kanina, babe."

"Ano nga?" maangas niyang tanong.

"'Yong..." Inginuso ko ang labi ko sa leeg niya, lalong tumaas ang kilay niya. **"'Yon. Hehe."**

Sarkastiko siyang ngumisi. **"Gustong-gusto mo naman?"**

"Yes, baby babe." Tumango-tango ako.

"Eh, kung dagukan kita?" Inambaan niya ako.

Napailag naman ako. **"I love you, baby babe. Hehehe."** Sinamaan niya lang ako ng tingin. **"Sa'n mo natutunan 'yon, ah?"**

"Tss. Sa 'yo! Kanino pa ba?"

"Anong pakiramdam?" nakangising tanong ko. Gulat siyang napalingon sa 'kin at gusto kong matawa nang makita ko siyang namumula. *Bwahahaha! Taguro... Taguro... Taguro... Hehehe!*

Sa halip na sumagot agad ay bigla siyang tumayo. **"Matulog ka na nga."**

"Babe, sagutin mo muna 'yong tanong ko." Hinila ko siya sa kamay kaya muli siyang napaharap sa 'kin.

"Matulog na tayo, inaantok na ako dahil kulang ang tulog ko."

"Isang tanong lang naman 'yon, eh."

"Mang-aasar ka pa kapag sinagot ko, madadagdagan lang ang tanong mo." Tinalikuran niya ako. **"Gano'n ka kakulit, Sensui."**

Dagli akong tumayo at niyakap siya sa likod. **"Eh, kung sinagot mo na lang 'yong tanong ko, baka mas maikli pa diyan sa dahilan mo ang sinabi mo."** Palihim akong ngumisi. **"Anong pakiramdam, Taguro?"**

"Wala."

"Walang pakiramdam?"

"Wala nga. Tsk."

"Sige, gagawin ko ulit tapos pakiramdaman mo."

Bigla siyang humarap sa akin at pinalo ako sa braso. **"Manyakis ka talaga!"**

"Aray ko, Taguro, ah!" angil ko. Nahawakan ko ang braso ko dahil malakas talaga ang pagkakahampas niya ro'n. **"Kapag asawa na kita ay hindi na pwede ang ganiyang pananakit mo, ah? Masyado kang sadista, mabigat 'yang kamay mo,"** reklamo ko. Nagsamaan kami ng tingin. **"At kapag asawa na kita..."** Binitin ko ang sasabihin.

"Ano?" naghahamon niyang tanong, nakataas pa ang noo.

"Hanggang talampakan na 'yong halik ko," mabilis kong sabi at saka tumakbo papunta sa kama.

"Woi! Dito ka! Diyan ako!" itinuro niya ang sofa.

"Kiss muna."

"Pwet mo!"

END OF FLASHBACK

Hehehehe. Grabe! Tumabi-tabingi ang ulo ko habang tumatawa na para bang may kumikiliti sa 'kin sa leeg at batok.

"Para kang tanga." Nagsalita bigla si Taguro dahilan para matigilan ako at gulat na mapatitig sa kaniya.

Ah! Ang puso ko!

Nakaupo na siya sa kama habang magkakrus ang mga paa. Nakapatong ang parehong kamay sa mga hita niya at deretsong nakatingin sa 'kin. Doon ko lang namalayang nakatayo pa rin pala ako sa harap ng kama niya hawak ang tray na may pagkain.

"Ano 'yang ginagawa mo?" Nagsusuntukan na naman ang mga kilay niya sa sobrang pagkakasalubong.

"Good morning, baby babe!" nakangiting bati ko.

"Tss."

"Breakfast in bed?" isinenyas ko ang hawak na tray.

"Ano 'yan?"

"Deib Lohr's home made omelet, bread and butter, and orange juice with feelings, dedication and passion!"

"Tss." Iiling-iling siyang nag-iwas ng tingin. Inabot niya ang bote ng tubig sa side table at saka uminom.

"Kumain ka na para mawala na 'yang init ng ulo mo. Nagutom ka ba sa pagtulog mo? Anong meron sa panaginip mo? Ako?"

"Ikaw nga."

"Talaga?" Nagliwanag ang mukha ko.

"At 'yong mga babae mo. Tss." Sinamaan niya uli ako ng tingin at saka inubos ang laman ng bote.

"Anong babae naman, Taguro? Tch! Umagang-umaga, nagpapalambing ka. Inaaway mo 'ko para lambingin kita, 'no? Hehehe! Mamaya, babe. May kiss pa."

"Patingin nga niyan?" Nakangiti akong naupo at inilapag ang tray. **"May bulaklak pa talaga, ah?"**

"You know, feelings." Kinindatan ko siya.

"Maganda ang pagkakaluto mo, ah?"

"You know, passion." Muli ko siyang kinindatan.

"Patikim," sumenyas siya sa akin.

Tinakpan ko ang dibdib ko gamit ang pareho kong braso. **"Maaga pa, Taguro. Putok na putok ang araw, oh? Gabi lang ang pinaiinit."**

Nag-angat siya bigla ng tingin sa akin. Pinagkrus niya ang dalawang braso at tumingin nang masama sa 'kin. **"'Yan ba ang natututunan mo sa Engineering, ha, Sensui?"** maangas niyang tanong, galit. Napanguso ako. **"Sumama ka na lang sa 'kin, sabay tayong mag-Nursing."**

"Nakita mo na?" pinandilatan ko siya. **"Hindi ka pa nga nagsisimulang mag-aral ulit, gusto mo na 'kong makasama?"**

"Tss. Para malaman mo kung bakit binuo ang family planning at matigil ka dyan sa mga kababalaghan mo. Manyakis."

"Ikaw talaga, babe. Hehehe! Kumain ka na! Ang aga-aga, mainit iyang ulo mo." Dinampot ko ang kutsara at humiwa ng omelet. **"Oh, ah!"**

Pero inagaw niya bigla ang kutsara sa 'kin at kusang isinubo ang omelet. Nakatingin siya nang masama sa akin habang ngumunguya. Nakangiti ko naman siyang pinanood at sa loob-loob ko ay hindi ko maipaliwanag ang tuwa.

"Maalat." Pabagsak niyang inilapag ang kutsara.

Napamaang ako. **"Grabe ka naman maka-appreciate! Thank you, ah!"**

"Maalat naman talaga. Tss."

"Kaya nga may juice." Iniabot ko ang baso sa kaniya.

"Pwe!" umasta siyang dumura matapos lumaghok.

"Ano na naman?"

"Matamis!"

"Kaya nga may bread and butter." Iyon naman ang iniabot ko sa kaniya. Masama ang tingin niya sa 'kin nang kumagat doon. **"Masarap, 'di ba?"**

"Ito na lang ang kakainin ko. Tabi." Bumaba siya sa kama.

"Sa'n ka pupunta? Hindi mo pa nga nauubos 'tong inihanda ko, Taguro."

"Magsesepilyo." Dumeretso siya papasok sa banyo.

"Babe, ubusin mo naman 'tong inihanda ko!" habol ko.

"Oo, magsesepilyo lang ako."

Napangisi ako. **"Pinaghahandaan mo 'yong good morning kiss ko, 'no?"**

"Asa." Kahit hindi siya sumigaw ay nag-e-echo ang boses niya.

Napanguso na lang ako. *Grabe! Kung mapapang-asawa ko siya, ganito kaya kami araw-araw? Tch. Sana maging sweet naman siya. 'Yong tipong hahanapin niya agad ako pagbangon niya. 'Yong hindi ko na kailangang magmukhang manyak sa pananabik sa halik niya. 'Yong kusa niya akong hahalikan hanggang isuko ko ang Bataan. Bwahahaha! Sa babae yata 'yong Bataan, Deib. Laguna naman ang sa 'yo, Laguna. Kasi mahaba. Bwahahahaha!*

"Sa isanlinggo nga pala ay may exam daw ako sabi ng lolo mo," sabi agad ni Taguro pagkalabas ng banyo. **"Binigyan niya rin ako ng listahan ng requirements. Grabe, kung ano-anong bakuna ang kailangan kong kunin."**

"Baka kailangan 'yon sa Nursing?"

"Malamang." Lumapit siya sa salamin at naglagay ng kung anong cream sa mukha. Napapangiti ko siyang pinanod. **"Ang sabi ni Maxwell ay may exposure daw kasi kami sa ospital. May mga sakit daw na mabilis nakukuha kahit dumaraan ka lang. Para doon daw 'yong mga bakunang kukunin ko."**

"'Ayun naman pala, 'wag nang mainit ang ulo mo," biro ko.

"At ang nakakatawa pa ro'n ay kailangan kong magpa-medical. Tss."

"Ako rin, nagpa-medical ako bago mag-enroll. Requirement 'yon sa lahat ng course sa BIS." Nagkatinginan kami mula sa salamin, nakita kong bumuntong-hininga siya. **"Sayang, kung boyfriend mo lang sana ako ay sasamahan kita."**

"Tss. Kaya kong mag-isa."

"Alam mo ba ang mga gagawin mo?"

"Pwede naman akong magtanong."

"Mababawasan ang angas mo no'n, Taguro."

"Madadagdagan din naman kapag natapos." Naglakad siya pabalik sa kama at sumampa. **"Gusto mo?"** inalik niya ako ng omelet.

"Akala ko ba maalat?"

"Kaya nga ipapaubos ko sa 'yo."

Napamaang ako. **"Grabe ka naman sa 'kin, Taguro."**

"Gagawin mo lahat, 'di ba?"

"Pahihirapan mo ba ako?" Ngumuso ako.

"Depende sa 'yo, kung pagpapahirap ba ito sa tingin mo?" Isinubo niya sa akin ang hiniwa niyang omelet. Nakanguso kong nginuya 'yon. **"Pagpapahirap ba ang kagustuhan kong mabusog ka, Sensui?"**

"Maalat nga, babe." Napangiwi ako.

"Isipin mo na lang na napasobra ang pagmamahal mo sa 'kin."

Nanatili akong nakasimangot. **"Juice, babe!"** napapapikit ako sa alat ng omelet. Gusto ko sanang ubusin agad ang juice nang makainom ako, kaso hindi ko magawa dahil sobra ngang tamis niyon. **"Ang tamis!"**

"Sobra-sobra nga kasi ang pagmamahal mo sa 'kin kaya gano'n," nakangisi niyang sabi. **"Nag-uumapaw ka pa sa tamis."**

Wala akong nagawa nang sapilitang ipaubos sa 'kin ni Taguro ang pagkaing inihanda ko. Sumusubo siya pero hindi niya natatagalan alinman sa omelet at juice kaya sa huli ay ako rin ang kumain lahat. Naligo siya matapos niyon, dahil nakaligo na ako ay ibinaba ko na lang ang mga plato.

"HANGGANG KAILAN ka rito, Deib Lohr, hijo?" tanong ni Maze habang kumakain kami ng tanghalian. Napapahiya akong nag-angat ng tingin sa kaniya, pakiramdam ko ay pinapaalis na niya ako.

"Hanggang bukas po," pilit ang ngiting sagot ko.

Ngumiti siya nang hindi kita ang mga mata. **"Sana ay mas magtagal ka pa. Maganang kumain si Maxpein kapag kasabay ka."** Nilingon niya si Taguro na noon ay agad kumunot ang noo. **"Maaga pa siya kung magising."**

"Kung ganoon ay maganda nga kung narito ka nang madalas," dagdag ni Chairman Moon. Ang kaninang hiya na naramdaman ko ay biglang nawala. **"Masaya ang apo ko kapag nasa paligid ka. Hindi tulad kapag wala ka, seryoso siya at mabilis mag-init ang ulo."**

"Hehe, kung pwede lang nga po, eh, dito na ako tumira," biro ko.

"Pwede naman kung gusto mo," ani Mokz.

Natawa ako. **"'Tsaka na po kapag nag-propose na siya sa 'kin,"** muling biro ko. Natawa kaming lahat maliban kay Taguro na napabuntong-hininga na lang.

"Siya nga pala, Maze. Nakahanda na ba ang lahat ng isusuot natin para sa Biyernes?" tanong ni Mokz.

"Anong meron?" tanong ni Taguro.

"Graduation ng kuya mo. Gaganapin iyon sa Maynila, kailangan naroon tayong lahat, Maxpein."

"Maaga iyon, Maxpein, gumising ka nang maaga," ani Maze. **"Are you going to Randall's graduation ceremony, Deib Lohr, hijo?"**

Nag-angat ako ng tingin. **"Yes, tita."**

"Good. Gaganahan si Maxpein na um-attend sa graduation ng kuya niya kung gano'n." Ngumisi si Maze at saka nilingon si Taguro. **"Sabay na gaganapin ang graduation ceremony ng mga Medicine students ng BIS at SIS."**

Nilingon ko si Taguro at nginisihan. **"Pwede mo 'kong i-date pagkatapos ng ceremony."**

"One for you, one for...you. One for you, and one for you..." Napatingin ang lahat kay Maxrill habang paulit-ulit nitong sinasabi ang linya na iyon. **"One for you, Noona. One for Hyung. One for..."**

"Maxrill," tawag ni Taguro sa naninitang tono.

Gusto kong matawa dahil akap-akap ni Maxrill ang isang plato ng nuggets at isa-isa kaming nilalagyan sa plato. Inosente siya sa ginagawa na para bang iyon na ang pinakatamang paghahain ng pagkain sa buong mundo. Pero napalitan ng iritasyon ang mukha niya nang sitahin siya ni Taguro.

"Hayaan mo na at ipinaluto iyan talaga para sa kaniya," awat ng Chairman.

Matapos naming mananghalian ay niyaya ako ni Taguro sa parte ng mansyon kung saan pwedeng maglaro. Marami silang game machine, may billiard table pa nga.

"Maxrill!" pagtawag ni Taguro. **"Maxrill!"**

Mayamaya ay narinig ko ang tinig ni Maze na inuutusan ang anak na lumapit kay Taguro. Kasunod niyon ay 'ayun na si Maxrill, nakanguso at padabog na naglalakad papalapit sa gawi namin.

"What?" nanlulumo nitong tanong.

"Do you want to play?" nakangiting tanong ni Taguro.

"Play what?" nagmamaktol nitong tanong.

"Come here," sinenyasan pa siya ni Taguro.

"But I am playing with Hee Yong, Noona."

"Come here."

"Tsk." Nagmamaktol na lumapit si Maxrill sa ate habang karga pa rin ang aso niya. Gusto kong matawa sa kanila. Pakiramdam ko tuloy ay gusto ko ring magkaroon ng kapatid na mas bata sa akin.

"Fifteen minutes lang," nakangiting ani Taguro. **"Kapag nagawa mo lahat ang sinasabi ko ay bibilhan kita ng pizza."**

Nagliwanag ang mukha ni Maxrill. **"Okay!"** Ang kaninang pagmamaktol nito ay biglang napalitan ng tuwa. **"Fifteen minutes for a box of pizza all by myself, okay?"**

Sa halip na sumagot ay sinenyasan lang itong lumapit uli ni Taguro. 'Tsaka siya tumingin sa 'kin. **"Halika, panoorin mo si Maxrill,"** pabulong niyang sabi sa 'kin 'tsaka kinausap ang kapatid sa salitang Korean.

Pinanood ko naman sila gaya nang sinabi ni Taguro. Ipinatong ni Maxrill ang aso sa silya at saka lumapit sa kapatid. Inilabas naman ni Taguro ang isang box na gawa sa kahoy at ipinatong sa billiard table. Nang buksan niya iyon ay nakita ko ang iba't ibang kulay ng darts. Napangiti ako at itinuon ang paningin ko kay Maxrill na noon ay muling kinakausap ni Taguro. Naririnig kong itinuturo ni Taguro ang gusto niyang target-in ni Maxrill. Tumango-tango naman si Maxrill, seryoso sa pakikinig sa nakatatandang kapatid. Itinuro ni Maxrill ang dart board na para bang sinisipat pa iyon. Animong sinusukat ang layo niya sa board at sa mismong target.

Napamaang na lang ako nang maglabas ng itim na panyo si Taguro at ipiniring iyon sa mga mata ng kapatid. Mayamaya pa ay lumayo na siya sa kay Maxrill at gaya ko ay pinanood ito.

"Bakit nakapiring?" pabulong na tanong ko.

"Ganiyan ang training niya," pabulong niya ring sagot.

"Bakit kailangang may training?"

"Requirements 'yon sa pamilya namin." Ngumisi siya.

Nagtataka ko naman siyang nilingon. *Nagbibiro ba siya?* **"Totoo?"**

"Oo." Sumeryoso si Taguro 'tsaka sumenyas na manahimik na ako.

Nilingon ko uli si Maxrill na noon ay nakapiring na at hindi ko maintindihan kung bakit nakaturo siya sa dart board na animong sinusukat iyon sa ganoong sitwasyon. Mayamaya pa ay pumulot na siya ng dart at hinawakan iyon nang ayos. Humanga ako bigla. Sa panonood ko pa lang sa kaniya pakiramdam ko ay bihasa na siya sa larong iyon bagaman sabi ni Taguro ay training palang.

Wow! Lalo akong humanga nang sa isang iglap ay ibato ni Maxrill ang dart at tumama iyon malapit sa gitna ng board.

"Triple ring. Again," ani Taguro. Hindi ko maintindihan ang sinasabi niya kaya pinanood ko na lang uli si Maxrill.

Muli itong dumampot ng dart nang hindi umaalis sa mismong kinatatayuan. Gaya kanina ay tinantiya nito ang layo sa dart board na animong sinusukat iyon. Sa isang iglap ay muli nitong ibinato ang hawak na dart. Ang ikalawang dart ay tumama sa mismong bilog na nakapaikot sa mismo ring gitna ng board.

"Outer bullseye, Maxrill. Again." Nakatiim na ang bagang ni Taguro, pinagkrus ang mga braso na animong nagsisimula nang magalit sa kapatid.

Tumagilid si Maxrill, sa amin nakaharap ang katawan niya ngunit ang ulo niya ay nananatiling nakatuon sa gawi ng board. Muli nitong ipinusisyon ang kamay na animong titira na. Paulit-ulit niya iyong ginawa na para bang tinatantiya ang pagtira. Nang muli niyang ibato ang dart ay iyong gitna na mismo ang kaniyang tinamaan.

"Bullseye!" ani Taguro.

Agad namang tinanggal ni Maxrill ang piring sa mga mata at tuwang-tuwang tumingin sa kapatid. **"Now where's my pizza, Noona?"** inilahad pa nito ang kamay sa kapatid.

Ngumiwi si Taguro. **"Bibili muna kami, okay?"**

"Okay, I will wait for you!" tuwang-tuwang ani Maxrill na agad lumapit sa aso. **"Did you see that, Hee Yong? Bark!"**

"Magaling pala si Maxrill sa ganito," nangingiti pa ring sabi ko. **"Nakakabilib."**

"Thanks, Hyung!" ani Maxrill na noon ay binubuhat na ang aso.

"Samahan mo 'kong bumili ng pizza niya," ani Taguro na nangunang lumabas mula sa game area na iyon.

Nilingon ko pa muna si Maxrill bago tuluyang sumunod sa kaniya. **"Nakakabilib. Lahat kayo ay may talent sa sports?"**

Bumuntong-hininga siya. **"Medyo. Billiars talaga ang sports ko, si Maxrill naman ay tinuruan lang ni Mokz mag-darts, kailangan niya 'yon dahil sinasanay siyang maging asintado. Si Maxwell ay maraming alam na indoor sports. Magagaling siya sa mga iyon pero hindi niya hilig."** Sabay kaming sumakay ni Taguro sa kotse.

Napatitig ako sa kaniya, kung ano-ano kasing tanong ang pumasok sa isip ko. Pero nang magsimula na siyang magmaneho ay nanahimik na lang. Pumunta kami sa mall at nag-take out ng limang box ng pizza. Narinig ko pang tinawagan ni si Maxwell bago kami bumalik sa mansyon nila.

Sa sala namin sabay-sabay na kinain ang pizza na iyon nang maghapon na. Literal na inangkin ni Maxrill ang isang box at nakangiting kinain isa-

isa na para bang dumederetso sa kung saan ang bawat isinusubo niya.

Sabay-sabay uli kaming naghapunan, mas nagtagal kami sa hapag-kainan nang gabing iyon kompara no'ng umaga. Panay kasi ang kwento ni Maxrill tungkol kay Maxwell, matamlay raw ang kuya nito dahil wala sina Parrot at Yaz sa mansyon. Nagalit tuloy si Maxwell dahil sa panunukso nito.

Noon ko lang naranasang manatili sa mansyon ng mga Moon nang nagmamasid at pinapanood ang bawat kilos nila. Masaya sila pero malayo ang trato nila sa isa't isa kompara sa amin. May kung anong kakaiba, normal pero parang hindi normal. Sa pamilya nila ay nararamdaman kong parati ang awtoridad. Para bang ang bawat kilos at galaw nila ay may dahilan at sinusunod na batas. Isang bagay pa na napapansin ko ay nagkakasama-sama lang sila t'wing kakain. Hindi ko alam kung may sandali ba na nagkakausap-usap sila nang seryoso at masinsinan, nagkukumustahan at kung ano-ano pang madalas naming gawin ng pamilya ko. Madalas kasi ay nasa opisina si Chairman Moon kasama sina Maze at Mokz. Si More naman ay may sarili ring pinagkakaabalahan na hindi ko na inalam pa kung ano. Si Taguro ang bantay ni Maxrill habang nasa mansyon bagaman ang yaya nito ay paroo't parito rin kasusunod sa alaga.

"Nabusog ka ba?" tanong ni Taguro. Tumabi siya sa 'kin sa kinauupuan kong sofa. Bagaman maaga kaming naghapunan ay madilim na nang makaakyat kami sa kwarto ni Taguro.

"Oo, busog na busog," sabi ko kasabay nang paghihimas ko sa tiyan.

"Manood muna tayo," aniya na pinindot ang hawak na remote control. Ilang beses niyang inilipat ang channel hanggang sa mahinto iyon sa isang kilalang Filipino movie channel.

Hindi namin nasimulan ang movie, mukhang nasa gitna na iyon o baka nga patapos na. Pero hindi na inilipat ni Taguro ang channel kaya naman nanood na lang ako. Sa palabas ay kasayaw ni Claudine Barretto si Diether Ocampo sa isang party, habang si Rico Yan naman ay may kasayaw rin na iba. Hindi magawang tingnan ni Claudine si Rico, habang panay naman ang sulyap ng lalaki rito. Mayamaya pa ay umiyak si Claudine at bago ko pa man maintindihan ang nangyayari sa palabas ay napalingon na ako kay Taguro dahil naramdaman ko siyang lumingon sa 'kin.

Parehong nakahilig ang mga batok namin sa backrest ng sofa habang nakatingin sa isa't isa. May ilang dangkal din ang layo ko sa kaniya.

"Bakit?" tanong ko. Napatitig ako sa mga mata niya, masiyado kasi siyang seryoso.

"Naririnig mo ba 'yong kanta?" tanong niya. Hindi ko agad iyon nakuha hanggang sa makiramdam ako.

♪♫ ***"Hindi ako matatakot, mahihiya, ano man ang sabihin nila. Dahil mahal kita. Dahil mahal, mahal na mahal kita. Gagawin ko ang lahat 'pangako mo lang 'di ako iiwan. Dahil mahal, mahal na mahal kita."*** ♪♫ Iyon ang narinig kong kanta mula sa TV.

Hindi pamilyar sa akin ang kanta, hindi ko alam kung narinig ko na ba iyon noon. Hindi rin pamilyar sa akin ang palabas, sigurado akong noon ko lang napanood iyon. Malungkot ang kanta bagaman maganda ang ibig sabihin. Nakadaragdag pa sa lungkot ang mabigat na eksena sa palabas na noon ay nag-iiyakan na ang ilan sa mga bida.

"Oo," napapalunok kong tugon.

Tahimik na tumawa si Taguro. **"Paulit-ulit kong pinatutugtog at kinakanta iyan no'ng mahuli ko kayo ni Eerah."**

Napabuntong-hininga ako kasabay nang panlulumo. **"Taguro..."**

Ngumiti siya sa 'kin. **"Wala na 'yon sa 'kin, sinasabi ko lang kasi ngayon ko lang uli iyan narinig. Naalala ko lang."** Sinabi niya iyon nang nakatingin na sa TV.

Hindi ko nagawang magsalita at sa halip ay nilingon ko na lang uli ang telebisyon. Nagkaro'n lalo ako ng interes na mapanood iyon, at mas naging interesado akong mapakinggan ang kanta. Pakiramdam ko kasi ay medyo may kalayuan pa sa nangyari sa amin ang iilang linya na narinig at naintindihan ko.

♪♫ ***"Kahit na niloloko mo lang ako. Kahit na tumingin ka sa iba, magmahal ka ng iba. Magbubulag-bulagan ako. Masakit man ito dito sa puso ko."*** ♪♫

Bigla akong napalingon kay Taguro nang marinig ang mga linyang iyon ng kanta. Pero hindi na siya nakatingin sa akin. Pinanonood niya na ang palabas nang walang kaemo-emosyon sa mukha. Sinubukan ko ring manood pero wala akong maintindihan, hindi ko masundan ang palabas. Hindi ko alam kung sino ba ang magkapares kahit na halata naman.

"Hanggang ngayon ba ay galit ka pa rin sa 'kin, babe?" nalulungkot kong tanong.

"Hindi na ako galit. Pero hindi na rin yata mawawala 'yon sa isip ko." Huminga siya nang malalim **"Sa t'wing maaalala ko si Eerah ay hindi ko maiwasang maalala rin 'yong nakita kong ginagawa ninyong dalawa."**

"Niya," pagtatama ko sa kaniya. **"Ginagawa niya sa akin, Taguro. Magkaiba ang ibig sabihin 'yon."** Halos magtaas ako ng boses.

Gusto kong kalimutan niya na iyon pero gaya nga nang sinabi niya ay mukhang hindi na nga iyon mawawala sa isip niya. Mukhang mahihirapan akong alisin iyon sa kaniyang sistema kahit pa tumanda na kaming dalawa.

Muli siyang bumuntong-hininga siya habang nakakunot ang noo. **"No'ng ikwento mo sa akin ang lahat nang ginawa niya sa 'yo, galit na galit ako. Pero iba pa rin 'yong galit na nararamdaman ko sa t'wing maaalala ko 'yong nakita ko."** Lalong nangunot ang noo niya. **"Gusto kong putulin 'yong dila niya at gilitan siya sa leeg."**

Napalunok ako. **"Kalimutan mo na 'yon, Taguro. Please."**

Nilingon niya ako 'tsaka pilit na ngumiti. **"Gusto ko na ring kalimutan 'yon, Sensui. Pero hindi pa siguro ito ang tamang panahon para ro'n. Mawawala rin 'yon sa isip ko, hindi nga lang ngayon."** Nag-iwas siya ng tingin matapos sabihin 'yon. Pilit ang ngiting nagpatuloy sa panonood.

Ang isip ko naman ay naglayag nang naglayag hanggang sa maalala ko ang mga napag-usapan namin kagabi. **"Taguro,"** pagtawag ko. Hindi siya sumagot sa akin. Nanatili kaming nakatingin sa telebisyon pero pinakikiramdaman ang isa't isa. **"Hindi ka ba natatakot?"**

"Saan?"

"Sa mga nangyayari."

Bumuntong-hininga na naman siya, gawain niya na yata 'yon. **"Para sa sarili ko, hindi. Pero para sa mga taong malapit sa 'kin, oo. Nasagot ko na 'yang tanong mo noon."**

Matagal bago ko nagawang makapagsalita. Ninamnam ko na muna ang isinagot niya. **"Ano ba ang pwede nating gawin para huminto sila?"**

"Kung alam ko ang sagot diyan ay baka nasa ibang lugar na tayo ngayon at nagsasaya." Bumuntong-hininga na naman siya. **"Ngayon ay nagdadalawang-isip kaming parati na magkaro'n kahit maliit na salo-salo. Kapag marami kasi ang tao ay nagiging delikado. Kung ano-ano ang nangyayari kapag may sine-celebrate tayo. Doon sila umaatake,"** mahaba niyang sabi. **"Bawat kilos ko ngayon ay parating may pag-iingat. Nakakainis."**

Sandaling katahimikan na naman ang nangibabaw sa 'min. Ni hindi man lang namin napansin na tapos na pala ang palabas. Pareho pa rin kaming nakatingin sa TV na animong nanonood kahit na panay pangalan na lang ng mga gumanap ang ipinapakita sa screen.

"Matagal na kitang nakakasama, magkarelasyon na tayo't lahat pero pakiramdam ko ay hindi pa rin kita kilala," nasabi ko iyon nang hindi ko namamalayan. Huminga rin ako nang malalim bago lumingon sa kaniya. **"Napakamisteryoso mong tao, Taguro. Ikaw at ang pamilya mo. Pakiramdam ko ay napakarami ninyong itinatago, para bang napakarami ninyong inililihim. Bakit gano'n ang ipinararamdam niyo sa 'kin?"** kunot na kunot ang noong tanong ko.

Matagal siyang tumitig sa 'kin. Para bang binabasa niya muna ang ekspresyon sa mukha kong seryosong-seryoso. Ang tanong na iyon ay matagal nang nasa isip ko. Matagal ko nang gustong malaman kung ano ang nasa likod ng pagiging misteryoso nila. Totoong pakiramdam ko ay hindi ko pa sila kilala, lalo na siya.

"Napakarami kong tanong, Taguro. Pero sa t'wing makakasama na kita at pareho tayong masaya ay nalilimutan ko ang lahat." Nananatili pa rin akong seryoso. **"Gusto kitang makilala. Gusto kong makilala iyong tunay na ikaw, Taguro. Iyong Maxpein sa likod ng tunay mong pagkatao. Nabibiro kita tungkol sa pagiging misteryoso mo pero sa likod ng mga birong iyon ay gusto ko talagang malaman ang buo mong pagkatao."** Hindi ko malaman kung saan ako kumuha ng lakas ng loob para sabihin iyon. **"Sinasabi mo noon na hindi ka masamang tao, ako mismo ay napatunayan naman 'yon pero...may kulang, Taguro. Maraming kulang. Marami akong hindi alam tungkol sa 'yo. At gusto ko 'yong malaman. Hindi ka masamang tao pero bakit..."** Napatitig ako lalo sa kaniya nang may kunot na kunot na noo habang napapailing pa. **"Bakit parang bihasang-bihasa ka sa mga sitwasyon na ganito? Bakit hindi ko man lang maramdaman sa 'yo 'yong takot na nararamdaman ko? Bakit magaling ka sa pakikipaglaban sa mga gano'ng uri ng tao? Bakit...bakit iba ka?"**

Bigla ay naging malamig ang kanina ay emosyonal na pagkakatitig niya sa akin. Kinabahan ako dahil pakiramdam ko ay hindi niya nagustuhan ang pag-uusisa ko. Pakiramdam ko ay may limitasyon ang relasyon namin at lumampas ako ro'n sa pamamagitan ng pagtatanong. Pakiramdam ko sa oras na iyon ay hihilingin niyang mapag-isa at paaalisin na ako.

"Mamamatay ba talaga ako kapag inalam ko ang tunay mong pagkatao, Taguro?" bago ko mapigilan ang dila ko ay naitanong ko na iyon.

"Hindi," tipid na sagot niya. Matagal na naman siyang tumitig sa 'kin na para bang binabasa ang kung anomang nakikita niyang nakasulat sa aking mukha. **"Pero hindi ko rin obligasyong magpakilala sa 'yo. Hindi ko responsibilidad na ipaalam sa 'yo ang buo kong pagkatao. Minahal mo ako sa kaunting nalalaman mo, hindi ka ba pwedeng makontento sa kung ano lang ang naipakita ko sa 'yo?"**

Natigilan ako. Lalo kong naramdamang hindi niya nagustuhan ang tanong ko. Naninibago ako. Kakaibang Taguro yata ang kausap ko ngayon. O marahil ay ganito ang naging reaksyon niya dahil katauhan niya na ang pinag-uusapan. Katauhan niya at ng kaniyang pamilya na kung hindi ganoon katindi ang importansya sa kaniya ay baka hindi na ako nagtanong pa. Kung walang dahilan ay pagiging misteryoso niya ay baka matagal ko nang alam ang buo nilang pagkatao.

Kaya ka tinatawag na slow, eh. Tsk! **"I'm sorry,"** napapailing akong nagbaba ng tingin. Hindi ko siya magawang tingnan dahil sa kahihiyan.

Matagal na katahimikan ang nangibabaw sa pagitan namin. Hindi ko pa rin siya magawang tingnan. Napako ang paningin ko sa magkahawak kong kamay habang ang isip ko ay patuloy na naglalakbay. Lalong dumami ang katanungan sa isip ko, nagkakabit-kabit, nagdudugsong-dugsong. Bukod doon ay gusto kong malaman kung ano ngayon ang iniisip niya matapos kong itanong iyon. Gusto ko ring malaman kung ano ang naramdaman niya bago at matapos marinig ang tanong ko.

Ngayon ay napatunayan ko nang ayaw niyang ipaalam kung ano siya. Ayaw niyang sabihin kung sino talaga siya. Pero kailan ko siya makikilala? Hindi ba 'to makakasama sa 'ming dalawa?

Napabuntong-hininga na lang uli ako sa kawalang-magawa. Hindi ko maipaliwanag ang pakiramdam.

Ang pagiging misteryoso mo ay panghabang-buhay at hindi na mamamatay, Taguro. Kahit ibahagi mo ang ilang piraso ng pagkatao mo sa 'kin ay hindi ko magawang hulaan ang mga susunod mong hakbang. Lahat kasi ay ginagawa mo sa likod ng katahimikan.

"Pasensya na," mayamaya ay aniya, hindi ko inaasahan. Napalingon ako sa kaniya, nakatingin na siya sa 'kin at titig na titig. **"Naiintindihan kong hindi dapat tayo naglilihim sa isa't isa. Pero may mga bagay na hindi ko pwedeng sabihin sa 'yo lalo na kapag tungkol sa pamilya ko, Sensui. Kulang ang dahilan ko."** Seryosong-seryoso siya. **"May mga batas kami na hindi mo maiintindihan."**

"Mga batas?"

"Hihintayin kong makapasok ka sa pamilya ko, at kapag nangyari 'yon, sasabihin ko ang lahat sa 'yo."

Natigilan ako nang matagal. **"Hindi ko maintindihan,"** pabulong kong sabi. **"Kailan 'yon?"**

Ngumiti siya, bagay na hindi ko lalo inaasahan. **"Katulad no'ng sinabi mo, kapag kasal na tayo."**

Lalo pa akong natigilan, natameme ako sa kaniya. Matagal bago ko 'yon nagawang sakyan at hindi ko napigilang mapangiti. **"Pakakasalan mo talaga ako, Taguro?"**

"Depende, kung yayayain mo 'ko."

"Totoo?"

"Tss. Ang hilig mong mangumpirma sa bagay na sinabi ko na, 'no? Nakakaasar 'yong ganiyang ugali mo."

"Seryoso ka ba talaga sa sinabi mo?" Hindi ako makapaniwala.

"Tsk. Oo nga," sagot niya 'tsaka iritableng nag-iwas ng tingin.

Hindi ko nagawang magsalita agad. Napatitig ako sa kaniya at hindi pa rin ako makapaniwala. Sa sobrang yabang niya, ni minsan ay hindi ako umasang naiisip niyang pakasalan din ako gaya nang madalas kong pag-iisip niyon. Dahil hambog siya ay hindi ko masabing nakikita niya ako bilang asawa, makakasama niya habambuhay, gaya nang madalas kong isipin nang nakangiti kahit may ginagawa. At dahil mga bata pa kami para ro'n, hindi ko kailanman inasahang maiisip niya na ang tungkol sa kasal.

Agad kong naalala ang regalo ko sa kaniya na binili ko pa sa Japan. Singsing iyon. Wala akong ibang gustong hilingin bukod sa tanggapin niya iyon. Wala rin akong balak na mag-propose sa kaniya nang ganitong kaaga. Pero dahil sa usapang ito ay parang iyon na ang gusto kong mangyari. Ngunit kasabay nang magandang pakiramdam na 'yon ay ang takot ko sa magiging reaksyon niya. Natatakot akong baka hindi niya tanggapin ang proposal ko kung iyon man ang gagawin ko.

"Paano kung handa na ako, Maxpein?" bigla iyong lumabas sa bibig ko.

Nagtataka siyang tumingin sa akin. **"Handa saan?"**

Hindi ko nagawang sumagot agad, sa halip ay mas napatitig ako sa kaniya na animong sinasaulo kong muli ang bawat anggulo ng napakaganda niyang mukha.

"Paano kung handa na akong yayain kang magpakasal?"

Nagulat siya. Gaya ko ay napatitig siya sa akin at saka napailing. Bumuka ang bibig niya, akala ko ay may sasabihin na siya pero walang salitang lumabas mula ro'n. Napamaang siya at saka muling tumingin sa 'kin. Nanatili akong nakatitig sa kaniya, pinapanood ang bawat naguguluhan at nagugulat niyang reaksyon. Halatang hindi niya malaman kung ano ang isasagot sa akin.

Matunog ang naging pagngiti ko at saka ako humarap sa kaniya. Nakangiti kong hinawakan ang pisngi niya habang isa-isang pinagmamasdan ang bawat parte ng kaniyang mukha. Hindi ako nagsalita, hinayaan ko siyang mag-isip nang isasagot sa akin. At hindi ko maintindihan kung ano ba ang nakakatuwa sa sandaling iyon, sangkatutak na puso na naman ang nakikita ko.

"Ang sabi mo ay liligawan mo ulit ako? Paghihirapan mo pa nga 'kamo," sa wakas ay nakapagsalita rin siya. Nakangiti akong tumango. Hindi ako huminto sa paghaplos sa mukha niya. Ang paningin ko ay hindi ko rin inaalis sa kaniyang mga mata dahilan para mailang siya. **"Eh, bakit nasa kasalan ka na?"**

Natawa ako. Noon ko lang naramdaman kung gaano katamis ang ngiti at pagtawa ko.

"Tss. Pwede kang tumawa nang hindi ganiyan kagwapo, Sensui," aniya at saka nag-iwas ng tingin.

Hinawakan ko ang baba niya at iniharap siyang muli sa 'kin. **"Maiiwasan ko ba naman ang pagiging gwapo? Dala ko na 'to hanggang sa pagtanda ko, Taguro. Kailan mo ba maiintindihan 'yon?"**

"Sagutin mo 'yong tanong ko, 'wag ka nang marami pang sinasabi," mayabang na namang aniya bagaman mararamdaman ang ilang at hiya. **"Hindi ko pa nararamdamang pinaghihirapan mo ang pakikipagbalikan sa 'kin, bakit sa kasalan na napupunta ang usapan natin?"** parang magagalit na agad siya.

"Hindi ba pwede 'yon?" Hindi ko na mapigilan ang pagngiti ko.

"Hindi," mariin niyang sagot, kunot na kunot pa ang noo. **"Ligaw muna bago ang kasal."** 'Tsaka siya ngumisi.

"Bakit gusto mong ligawan kita?" nakangiti ko pa ring tanong, hindi na yata mawawala sa mukha ko 'yon hanggang sa mga susunod na araw. Kakaiba pala sa pakiramdam ang ganitong klase ng usapan.

"Wala naman." Nag-iwas na naman siya ng tingin.

Ibinalik ko ang tingin niya sa akin. **"Bakit nga?"**

"Dahil..." Nauutal niya 'yong sinabi habang salubong na salubong ang kaniyang mga kilay. Anumang oras ay handa na ako sa galit niya. Para siyang bombang sinilaban at paputok na.

"Bakit, Taguro?" ngumiti pa rin ako.

"Dahil masarap sa pakiramdam 'yon. Gano'n."

"Masarap sa pakiramdam mo ang ligawan ko?"

"Oo." Ngumisi siya sa kung saan. **"Gano'n nga."**

Lalong naging matunog ang pagngiti ko. **"Kinikilig ka ro'n?"**

Ngumiwi siya. **"Medyo."**

"Eh, di pakasalan mo na nga ako?"

Inis siyang lumingon sa 'kin. **"Nasa'n ang panliligaw ro'n?"**

"Pakasalan mo 'ko ngayon at liligawan kita sa araw-araw na magkasama tayo." Kinuha ko ang kamay niya at hinalikan iyon.

"Hindi pa ako handa," nakangusong sabi niya.

Natawa talaga ako at bago pa man ako makapagsalita ay nahila ko na siya para yakapin. Yakap na humihigpit habang nakapikit at nakangiti, nilalanghap ang mabango niyang buhok. Napangiti pa ako lalo nang maramdaman ko rin ang pagyakap niya sa akin.

"Marami pa akong plano, Taguro. Pero ni isa sa mga iyon ay wala nang kinalaman sa ibang tao. Dahil lahat ay para sa 'yo. Hindi ako nagmamadali, babe," bulong ko, humigpit pa ang pagyakap niya. **"Pero itatak mo na sa isip mong handa na ako, Taguro. At ikaw na lang ang hinihintay ko."**

Sa halip na sa sumagot ay natawa siya. Nangunot ang noo ko kaya humiwalay ako at nakangusong tumingin sa kaniya. Nanatili naman siyang nakangiti, nando'n pa rin ang angas sa paraan ng pagkakatitig niya sa 'kin.

"Kinikilig ka ba?" inis kong tanong.

"Oo. Haha." Tumawa siya sa huli na para bang isang biro ang naging usapan namin.

Nalaglag ang mga balikat ko, hindi ko malaman kung maiinis o matatawa ako. Pero mas pinili kong ngumiti dahil ayaw kong sirain ang sandali.

I hate waiting but I know you're worth the wait, Maxpein. You are worth it.

Magkasunod kaming naligo bago pa man lumalim ang gabi. Habang naliligo siya ay tumambay muna ako sa veranda at nag-isip. Karamihan sa mga naisip ko ay tungkol sa pagkatao ni Taguro na napag-usapan namin

kanina. Nararamdaman ko pa rin ang kakulangan hanggang sa matapos akong maligo at muling tumabi sa kaniya sa kama.

"Taguro..."

"Oh?" tugon niya nang hindi man lang lumilingon sa 'kin. Tinitingnan niya 'yong album na ginawa ni Chairman Moon at iniregalo sa kaniya noong isang gabi.

"Kukunin ko lang sana 'yong goodnight kiss ko, inaantok na kasi ako," paglalambing ko.

Totoong inaantok na ako. Hindi ko nga sigurado kung makakaya ko pang umalis sa komportableng pagkakahiga sa tabi ni Taguro. Pero ayaw kong maabutan kaming magkatabi sa kama kaya naman kakayanin ko. Nakakadilat pa naman ako pero pipikit-pikit na ang mga mata ko. Natawa tuloy si Taguro nang makita ang hitsura ko.

Paupo siyang nakasandal gamit ang unan sa headboard ng kama. Nakakumot ang kalahati ng katawan niya at doon nakapatong ang album na tinitingnan niya. Pero yinuko niya ako para gawaran ng halik sa noo. Inaakala kong hanggang doon lang iyon pero hinalikan niya maging ang mata, ilong, pisngi at ang labi ko. Naramdaman ko tuloy ang unti-unting paggising ng inaantok kong katawan.

Nagkamali pa rin ako nang isipin kong hanggang doon na lang 'yon. Napamulat ako nang maramdaman kong ibuka niya ang labi ko gamit ang mga labi niya. Pero gano'n na lang ang gulat at pagkaduling ko nang magtama ang halos magkadikit naming mga mata. Nadismaya ako nang bigla siyang tumawa at iwan akong umaasa ng kasunod at higit pa.

"Tsk!" reklamo ko.

"Akala ko ba ay inaantok ka na?" natatawa niyang tanong, nang-aasar.

"Nanggigising ka, eh!"

"Eh, di sige, patutulugin uli kita," aniya na hinaplos-haplos ako sa noo na parang bata.

"Sa kiss ako nakakatulog, babe," umakto akong nanghihingi ng halik.

Akala ko ay papalag pa siya pero napipi ako nang muli siyang yumuko at halikan ako. Halik na hindi lang dampi. Iyong halik na nakapagpapawala ng antok, lalo na sa sarili. Iyong halik na lasang toothpaste kapag nakamulat ang mga mata pero sobrang tamis kapag nakapikit na.

Gusto kong mangiti dahil nararamdaman ko ang pananabik ni Taguro. Ayaw niyang bitiwan ang labi ko aliw na aliw sa pagpapalipat-lipat ng halik sa ibaba at itaas kong labi. Gusto ko ring matawa dahil ako ay nakahiga

lang habang siya ay nakayuko habang nakaupo ang kalahati ng katawan. Kahit halatang nahihirapan siya ay parang ayaw niyang bitiwan ang matamis naming halikan.

Kaya naman marahan akong bumangon at sumandal sa headboard. Hindi ko rin magawang bitiwan ang labi niya dahil pakiramdam ko ay kakaiba ang tamis niyon ngayon kompara sa mga nakaraan. Hinawakan ko siya sa baywang at saka siya marahang kinakarga, kalaunan ay kumilos siya at sumunod sa gusto kong gawin. Pinaupo ko siya sa ibabaw ko, sa bandang tiyan. Sa ganoong posisyon kami nagpatuloy sa pakikipag-usap sa kaluluwa ng isa't isa.

Dumiriin ang pagpikit ko sa t'wing gagalaw siya sa ibabaw ko. Napapakapit ako sa bewang niya nang mahigpit at pilit na pinipigilan ang mga kamay kong igalaw siya nang kusa. Kaya nauna na akong huminto sa paghalik bago pa ako magkasala.

"Babe..." bulong ko matapos bitiwan ang labi niya. Magkalapat ang pareho naming noo.

"Oh?" naghahabol ng hiningang tugon niya.

"Nanggigigil ako sa 'yo."

Sinalubong niya ang mga titig ko. **"Pareho tayo."** 'Tsaka siya ngumisi. **"Pero makontento ka na lang muna sa labi ko, ha?"** Pareho kaming natawa.

"Umalis ka sa ibabaw ko."

"Tss, nagawa mo 'kong buhatin, hindi mo 'ko maibalik sa kama?"

"Nanghihina na ako." Natawa ako nang sobra.

"Manyakis ka kasi."

"Sa 'yo, hehehe."

"Inamin mo rin."

"Kasalanan mo rin naman," ngumuso ako. **"Inaakit mo 'ko."**

"Wow, sa anong paraan?"

"Sa lahat ng paraan, Taguro."

"Manyakis ka talaga, nasa utak, dugo at pagkatao mo na 'yon."

"Kung manyakis ako ay kung saan na sana nakarating ang labi at kamay ko, Taguro."

"Hindi pa ba?"

"Nasa bukana lang naman ako, ah?" Napangisi ako at saka ko nakagat ang sarili kong labi dahil sa sarili ko ring kapilyuhan.

"Nasa bukana ka ngayon, paano sa mga susunod pa?"

"Ah! Naghihintay ka pala?"

"Anong naghihintay?"

"Inaasahan mong lalayo pa 'ko?"

"Tss, hindi ba't nasimulan mo na? Dati ay hanggang labi ka lang, ah?"

"Ikaw rin naman, ah? Hahaha!"

"Oo nga," napapahiyang sagot niya. **"Pero kasalanan mo pa rin dahil ikaw ang nagsimula."**

"Oo na, kasalanan ko na, baby babe. Umalis ka na sa ibabaw ko." Nginisihan ko siya. **"Pwera na lang kung dyan mo talaga gusto."**

"Tss." Patalon siyang umalis sa ibabaw ko 'tsaka ako sinamaan ng tingin.

"Parang masama ang loob mo, ah?" natatawang sabi ko. **"Sige, bumalik ka na,"** hindi ko maiwasan ang matawa.

"Hindi na!"

"Aw!" reaksyon ko dahil parang sumama talaga ang loob niya dahil pinaalis ko siya sa prenteng pagkakaupo sa tiyan ko. *Talagang level-up na ang baby babe ko, hahaha!*

"Tss. Pinagtatawan mo ba 'ko?"

Gulat akong napatingin sa kaniya. **"Anong--hindi, ah!"**

"Simula ngayon ay hindi ko na sasabihin sa 'yo ang laman ng isip ko."

"Babe!" napabangon ako at humabol ng yakap sa kaniya pero umilag siya. **"Babe, hindi gano'n 'yon. Hindi kita pinagtatawanan. Napapangiti lang ako."** Hindi ko na naman maiwasang mapangiti.

"Ang sabihin mo, nasisira na 'yang ulo mo dahil sa sobrang kamanyakan mo."

"Babe naman," napanguso ako. **"Tinatawag mo 'kong manyak, eh, pumapayag ka rin naman."** Hindi ko na naman napigilan ang matawa.

Sumama lalo ang mukha niya habang napapahiya. **"Tsk. Matulog ka na nga!"**

Nababawasan ang angas niya, Deib Lohr. Bwahahaha! **"Kiss ko muna?"**

"Ayoko na!"

"Sige na, babe," pakiusap ko habang kinakamot ang sarili kong labi, nanunudyo.

"Ayoko na sabi, 'wag kang makulit." Nagsisimula na siyang magalit.

Napangisi ako, hindi ko mapigilan. Kung ano-anong kalokohan ang nasa isip ko ngayon. Gusto ko siyang i-bully nang i-bully hanggang sa sumabog siya sa galit at awayin ako. Gusto kong makita 'yon ngayon dahil natutuwa ako.

Hehehe! **"Siguro..."** Bumanat na naman ako. Parang tainga ng hayop ang tainga niya nang tumaas iyon matapos marinig ang naghihinalang boses ko.

"Ano na naman?"

"Siguro iba na nararamdaman mo, 'no?" pabulong na tanong ko na lumapit pa sa kaniya.

"Anong iba na naman?"

"Bakit ayaw mo 'kong halikan?"

"Dahil kahahalik mo lang. Tss. Ibibintang mo pa sa 'kin 'yang kamanyakan mo."

"Bakit hindi mo maulit?"

Inihinto niya ang pagtingin sa pictures at sinamaan ako ng tingin. **"Talagang gagawa ka ng dahilan para mahalikan, 'no?"**

Hindi ko na nagawang magsalita. Napatitig na ako sa kaniya habang nakangiti at nakontento ako bigla. May kung anong magandang aura siya ngayong gabi. Nadagdagan 'yong ganda niya at pakiramdam ko ay nai-in love ako ulit.

"I love you, Taguro," pabulong kong sabi. Nakangiti pero sinsero.

"I love you, too," paangil na sagot niya 'tsaka nag-iwas ng tingin.

Natawa ako. **"Hiwalay tayo niyan, ah?"** mayabang kong sabi. Sinamaan niya ako ng tingin. **"Kung ganito ba naman ang lahat ng nagbe-break, wala sigurong masasaktan at iiyak, 'no, babe?"** nang-aasar kong sabi.

"Kanina mo pa 'ko pinagtatawanan, tinotoyo na 'ko sa 'yo, eh," 'ayun na ang naghahamon niyang boses.

"Gusto kong matulog dito sa tabi mo, Taguro."

"Sige."

"Talaga?"

"Wala ka namang gagawing masama, 'di ba?" aniya na hindi inaalis ang paningin sa pictures.

"Baka meron, malamig, eh," sagot ko sabay kagat sa labi ko. Bigla siyang tumingin sa 'kin, agad ding nangunot ang noo niya. **"Joke lang!"**

"Sige, do'n ka sa sofa."

"Babe naman? 'Wag kang mag-joke."

Ngumisi siya. **"Ganito ba ang itsura ko kapag nagbibiro, Deib?"**

"Babe!"

"Ano?"

"Dito ko gusto sa tabi mo!"

"King ina, teritoryo mo?"

"Hindi," nakangusong sagot ko.

"Eh, di doon ka sa sofa, tapos ang usapan."

Putsa, pumayag na nga, binawi pa! 'Bobo mo, Deib! Tsk! **"Sige, doon na lang ako sa sofa. Titiisin ang lamig at mamamatay sa nginig,"** sabi ko habang tumatayo nang dahan-dahan na animong hinang-hina. **"Pipilitin kong 'wag gumalaw nang gumalaw para hindi ako mahulog. Hindi na lang ako dadaing kahit na masakit sa likod--"**

"Dito ka sa kama, ako ro'n sa sofa!"

Malungkot akong tumingin sa kaniya. **"Iba pa rin 'yong katabi kita. Pero dahil ikaw si Taguro, hindi mo 'yon naiintindihan. Kasi ayos lang sa 'yo kahit na malayo ako. Nakakatiis ka kahit hindi mo 'ko makita o makausap man lang. Natatagalan mo nang wala ako. Kayang-kaya mo nga kahit hiwalay na tayo, eh. Hindi ka marunong maawa, wala kang puso. Kasi matigas ka. Pero kapag ako ang naging matigas..."**

"Ano?"

"Manlalambot ka." Ngumisi ako nang todo.

Sarkastiko rin siyang ngumisi 'tsaka tumango-tango. Matapos niyon ay 'tsaka siya tumayo. **"Teka, nasa'n na ba 'yong espada ko--"**

"Good night, babe!" Ginawaran ko siya ng mabilis na halik sa labi at saka ako patalon na humiga sa sofa. **"Grabe, komportableng-komportable ako dito! Mahal na mahal ako ni Taguro!"**

"Maingay ka masiyado."

"Sshh..." Humilik ako at nagpanggap na tulog hanggang sa matuluyan.

Kakaiba sa pakiramdam ang gabing iyon. Parang inilagay sa isang kaserola ang lahat g damdamin ko at saka pinaghalo-halo.

MAX'S POV

"BATCH SUMMA Cum Laude, Randall Echavez of South International School." Nakangiti ang speaker ng SIS nang ianunsyo iyon.

"Batch Summa Cum Laude, Maxwell Laurent del Valle, Brint International School." Hindi nagpatalo sa pagandahan ng pagngiti ang speaker ng BIS nang ito ang sumunod na mag-anunsyo.

Sabay-sabay na nagsipagtayuan ang lahat at pumalakpak nang buong galak. Lalo na sina Chairman Enrile, Chairman Echavez at Chairman Moon. Si Maze naman na nasa stage kasama ni More ay hindi na halos magawang pumalakpak nang ayos dahil panay ang pagpunas nito sa mga luha niyang kanina pa pinipigilang tumulo. Bilib na bilib siya kay Maxwell at kailanman ay hindi mababawasan ang paghanga niya sa panganay na anak. Si More tuloy ang alisto sa pag-alalay kay Maxwell, ito ang nakipagkamay sa mga faculty at department members na nasa entablado.

Ako man ay natuwa, kakatwang hindi man lang namin nalaman na may ganoon kataas na honor si Maxwell. Hindi niya sinabi sa 'min at mukhang plinano niya iyon dahil sa mayabang na pagkakangiti niya mula sa 'taas. Hindi lang iyon basta-bastang karangalan sa pamilya namin. Obligasyon ni Maxwell na magtapos sa kursong iyon. Gaya ko ay may nakaatang na responsibilidad sa kaniya at may kinalaman doon ang buo niyang pagkatao ngayon.

"Noona?" bumira si Maxrill mayamaya.

"Wala akong dalang pagkain," angil ko na patuloy pa rin sa pagpalakpak.

"Tch. Noona! Noona! Noona! Noona! Noona! Noona!"

"Ano?" pabulong kong singhal.

"I think I saw Taylor." May itinuro siya 'taas at agad naman akong napalingon doon.

"*Eodie?*" pabuga kong tanong.

"There." Itinuro niya ang likurang balcony, sa gawing kaliwa.

Pero wala akong nakita. Pulos babae ang mga nakatayo ro'n at pawang naghihiyawan dahil nasa stage pa rin sina Maxwell at Randall. Hindi magkandamayaw sa paghiyaw at pagtili ang mga ito dahilan para lalo akong matorete at matuliro sa kahahanap. Panay ang paglingon ko at nagsisimula nang magwala sa kaba ang dibdib ko.

Agad kong iginala ang paningin ko ngunit nabigo akong may makita. Muli kong hinarap si Maxrill, hinawakan ko pa siya sa balikat. Inosente siyang tumitig sa 'kin, wala siyang ideya sa tunay na katauhan ni Taylor.

"Are you sure?" tanong ko, inosente pa rin siyang tumango. *Damn it! They're here! May okasyon, hindi malabong narito sila.*

"What's wrong?" pabulong na tanong ni Mokz.

"They're here," pabulong ko ring tugon, tiim-bagang na patuloy sa paglinga.

Iginala rin ni Mokz ang paningin. **"Ipatatawag ko ang mga tauhan,"** bulong niya at saka nagsimulang tumawag sa cellphone. Alam niya na agad kung sino ang aking tinutukoy.

"Is there a problem, Noona?" walang-muang na tanong ni Maxrill. Napatitig lang ako sa kaniya at saka ako napilitang ngumiti.

"Nothing."

"How long do we have to stay here? I think I'm hungry, Noona."

"Yes, of course you are. You always are." Sinikap kong magbiro.

Ngumuso na lang si Maxrill, hinihimas-himas ang kaniyang tiyan. Nawala naman na ako sa huwisyong manood sa seremonyas. Abala na ang mga mata ko sa pagmamatyag, anumang oras ay posibleng may mangyaring hindi kanais-nais. Sa loob ko ay hinihiling kong sana ay namamalik-mata lang si Maxrill. Pero isang malaking kahibangan ang bale-walain ang nakita niya.

Nag-aalala kong nilingon si Chairman Moon na noon ay kauupo lang. Hindi mawala ang ngiti sa kaniyang labi, buong mukha niya ay parang nakangiti. Matindi ang paghanga sa apo at nagmamalaki ang aura. Si Mokz, gaya ko, ay nagsisimula nang maging alerto at mag-alala. Hindi namin pwedeng sabihin sa kanila ang ganoong sitwasyon dahil paniguradong magdudulot kami ng gulo. Nasa unahan kami at kaunting kilos namin ay napapansin nang nakararami.

Nilingon ko ang gawi kung nasaan sina Sensui at ang kaniyang pamilya. Mas marami silang hindi hamak kompara sa amin, bukod kasi sa mga Enrile ay naro'n ang mga Echavez. Nasa kabilang linya sila dahil ang buong venue ay nahahati sa SIS at BIS. Nasa kaliwa ang SIS at nasa kanan naman kami kung saan naroon ang buong BIS. Maging ang malaking entablado ay sinadyang lagyan ng pagitan. May kani-kaniyang speaker at announcer, nasa magkabila ang dalawang hilera rin ng mga opisyal ng bawat school. Ang parehong dean ay nakatayo sa gitna at magkatabi, sa harap ng mga ito ay naroon ang gitnang hagdan kung saan bumababa ang mga nakamayan nang estudyante. Noon lang pinagsabay ang ganoong okasyon ng magkapatid na school kaya naman itinuturing itong makasaysayan.

Kaya hindi pwedeng masira ito dahil sa mga Rewis lang!

Abala ako sa paglinga sa kung saan-saan nang mag-ring ang cellphone ko. Napatindig ako nang ayos sa sobrang gulat. Agad na pumasok sa isip ko na maaaring isa sa mga Rewis iyon. Bigla akong nag-alala, kumabog agad sa kaba ang dibdib ko. Baka pinanonood nila ako sa sandaling ito at

nakikita na nila ang paglinga ko. Baka alam na nilang batid ko ang presensya nila.

Pero napapikit ako sa pagkakahinga nang maluwang nang makita ko kung sino ang tumatawag. Si Sensui.

"Oh?" sagot ko.

"Ano na naman!" singhal niya.

"Ano?" kunot-noong tanong ko.

"Naghahanap ka na ba ng ipapalit sa 'kin, ha?"

"Ano?"

"Nakalimutan mo na ba 'yong mga napag-usapan natin no'ng nakaraang gabi? Akin ka lang, Taguro!"

"Ano ba ang sinasabi mong bakla ka?"

"Bakit ba panay ang lingon mo kung saan-saan, Taguro? Nagseselos agad ako sa ganiyan! Ayoko na!"

"Tss. Mamaya ka na tumawag, okay? At 'wag kang makulit." Binabaan ko siya ng linya. **"Kumusta, Mokz?"** sinalubong ko siya.

"Nakapwesto na ang mga tao natin. Saan mo sila nakita?"

"Si Maxrill ang nakakita kay Taylor, sigurado raw siya."

Nilingon niya ang bunso. **"Imposibleng makalimutan niya ang mukha ng kaniyang kalaro, huwag tayong pakasigurong nagkakamali siya."**

"Tingin ko rin ay sigurado si Maxrill sa nakita niya. Nandito sila. At nag-aalala ako. Baka gumawa sila ng milagro dito, napakaraming tao, Mokz."

"Iyan din ang inaalala ko."

"Ano na naman ang gusto nila ngayon?" inis kong bulong.

"Bakit hindi kayo maupo?" tanong ni Chairman Moon na siyang tuminag sa 'min. **"Magsasalita si Maxwell Laurent, maupo kayo,"** utos niya. Nagkatinginan kami ni Mokz bago lumingon at ngumiti sa kaniya.

Wala kaming nagawa kundi ang maupo. Hindi kami pwedeng umalis sa pwesto. Kailangang isa sa amin ni Mokz ang maiwan sa tabi ni Maxrill lalo na ni Chairman Moon. Nasa entablado pa rin sina More at Maze. Si Randall ang kasalukuyang nag-i-speech at kasunod niya ay si Maxwell naman. Kami lang naman ang nandito ngayon, si Heurt ay abala sa trabaho sa TB.

Kakaiba ang pakiramdam. Tutok sa harapan ang mga mata ko ngunit ang isip ko ay iyong nasa gilid ng aking paningin ang tinitingnan. Ang pandinig ko ay naririnig ang sinasabi sa harapan pero wala akong naiintindihan. Ang bawat kaluskos hanggang sa likuran ay aking pinakikiramdaman.

Nakakapraning. Naging napakabagal ng oras at ang lahat ng kilos ay nakikita ko pero hindi ko pinagtutuunan ng pansin.

Kung sarili ko lang ay wala akong dapat na ipag-alala. Pero hindi lang ako ang nandito ngayon. Bukod sa pamilya ko ay napakaraming tao. Sa takbo ng pag-iisip ng mga Rewis ay hindi malabong may madamay na iba dahil wala silang pakialam kung sino ang masaktan.

"Sometimes life gets me down, but then I remember that I have a very nice ass," pagpapatawa ni Randall sa kalagitnaan ng kaniyang speech na naging mabenta naman sa lahat ng naro'n. Matapos pasalamatan nang paulit-ulit ang mga nakasama at naging kaibigan ay ang pamilya naman ang kaniyang ibinida. **"One thing that I've got to learn about this life is that no matter how many troubles you get in to, no matter how much you drown yourself into pain you're suffering, no matter how hard you're your problems are, your family will always be there for you through good and bad times. To support and love you for who you are. Friends are always there, behind you, beside you, right in front of you. You can call them anytime. Your family may not always be there for you but you're always in their hearts and minds silently praying that you will always be in good hands. And in the end, they are the ones who's very proud of what you have received and achieved,"** nakangiting ani Randall habang iginagala ang paningin sa lahat. **"I am very proud of myself right now because I know that they are happy for me. They are proud of me. To my family,"** tiningnan niya isa-isa ang myembro ng kaniyang pamilya. **"To my loving mom, brother, grandfather, to my wife and son, and to her family, thank you very much,"** emosyonal niyang sabi. **"Thank you for always believing in me. You have seen me in my ups and downs but you've never even thought of leaving me, thank you. Only I know how lucky I am for having you in my life. And to my dad, I know you're the proudest because I never gave up. Again, to my family, thank you and I love you."** Binigay niya pa ang pamatay niyang ngiti sa mga ito. **"Hindi lahat ng estudyanteng nagtapos ngayon ay nabigyan ng ganitong pagkakataon para ibahagi ang pasasalamat at pagmamahal niya sa kaniyang pamilya, maswerte akong narito ako ngayon at sinasabi 'to sa pamilya ko. Pero kung meron kayong gustong sabihin sa pamilya ninyo, lalo na sa mga magulang ninyo, ito ang pinakamagandang pagkakataon para sabihin 'yon. Tell them how thankful you are; tell them how much you love them."**

Napalingon ako kay Chairman Moon matapos sabihin ni Randall ang linyang iyon. Sa kung anong dahilan ay lumingon din siya sa akin at ngumiti nang pagkaganda-ganda. Napangiti rin ako at bago ko pa napigilan ang sarili ko ay naibulong ko na ang mga salitang lalong makapagpapangiti sa kaniya.

"I love you, lolo," sabi ko.

Nakangiti siyang tumango-tango at tumugon, **"*I love you, too, apo ko,*"** gano'n ang nabasa ko sa mga labi niya.

"Pasalamatan natin sila dahil nakarating tayo dito ngayon nang dahil sa kanila. To all the parents who strived hard to send and support their children, thank you very much. To all the faculties who suffered headache, thank you for patience. To all my batchmates, let's have more fun! Thank you, everyone!"

Napuno nang malakas na palakpakan ang buong venue sa mga huling sinabi ni Randall. Kahit ako ay tatango-tangong pumalakpak, dala ng pagsang-ayon at paghanga. Nagsipag-atungal ang mga babae nang matapos magsalita si Randall. Pero muling nabuhay sa paghiyaw ang mga ito nang maglakad papalapit sa podium si Maxwell. Natatawa ang karamihan sa mga magulang, maging ang mga opisyal ng dalawang paaralan na nasa entablado. Para kasing concert sa halip na graduation ang nagaganap. Masyadong maingay ang tilian ng mga babae, mapaestudyante man o hindi, dahil sa dalawang lalaki na diyos ng kaguwapuhan kung iturin nila.

"Education is the most powerful weapon which we can use to change the world. So go out there and do amazing things. The journey doesn't start at the beginning, it begins at the end. Congratulations, graduates!" pagtatapos ni Maxwell. Iyon na lang ang naintindihan ko sa mga sinabi niya dahil naging aligaga na naman ako sa pagmamasid sa paligid lalo na sa 'taas.

Kung anong inihaba ng speech ni Randall, siya namang iniiksi ng speech ni Maxwell. Hindi gaya ni Randall na kung hindi lang dahil sa asawa na si Dein ay baka pinasalamatan niya na ang lahat ng babaeng kinalantari niya sa nakaraan. Si Maxwell kasi ay seryosong-seryoso at direkta sa gustong sabihin. Nagpasalamat at nagbigay ng inspirasyon sa mga estudyanteng gustong sumunod sa yapak niya.

"Congratulations, D," ani Randall sa mismong mikropono dahil bagaman nasa iisang entablado sila ay malayo sila sa isa't isa. Nasa magkabilang dulo.

"Congratulations, E." Ngumisi si Maxwell.

Dumagundong na naman ang hiyawan at tilian sa kabuuan ng convention center. Tumayo na naman ang lahat para gawaran sila ng masigabong palakpakan. Pero wala na ro'n ang atensyon ko, kung saan-saan na naglalayag ang isip ko. Ang gusto ko lang sa sandaling iyon ay ang makalabas sa lugar na iyon. Gusto kong mapunta sa lugar kung saan mas madali para sa 'king makita ang lahat ng nasa paligid ko. Hindi sa masikip dahil sa mataong lugar na 'to.

Pero nabigo ako dahil kaliwa't kanan agad ang nakipagkamay at kumausap sa mag-bestfriend na parehong halos makuba na sa dami ng medalyang natanggap. Bukod kasi sa parehong cum laude ay may mga achievements silang halos magpantay ang bilang. Hindi masabi kung sino ang nakalalamang dahil may ibubuga sa isa't isa ang dalawa. Nakakatuwa lang isiping hindi na maramdaman ang kompetensya sa kanila, pareho silang masaya at kontento sa mga natanggap. Parehong nagmamalaki.

"Tawagan mo si daddy, kailangan na nating umalis," bulong ko kay Mokz.

Pasimple siyang humilig papalapit sa kinauupuan ko. **"Marami pang gustong kumausap sa Chairman."**

"I-cancel lahat," kunot-noong bulong ko. **"Hindi tayo pwedeng magtagal dito, nandito ang Chairman."**

"Naiintindihan ko pero hindi gano'n kadali, hindi tayo pwedeng mag-panic, Maxpein. Kailangan nating maging maingat."

Napabuntong-hininga ako sa kawalang-magawa. Ang mga mata ko ay parang adik na kung saan-saan tumitingin nang masama. Ang pagkakakunot ng noo ko ay hindi na mawala-wala. Ang kaba sa dibdib ko ay nanatili na ro'n at hindi na bumagal o humina.

Bukod doon, may kung ano sa akin na naghihintay. Nag-aabang sa kung ano ang magaganap. Umaasa akong may tatawag sa telepono ko kaya naman alerto ako sa tunog niyon sa kabila ng dumadagundong na ingay. Hindi malabong isa sa mga ito ang tumawag sa akin at iparating ang presensya nila.

Gaya nang sinabi ni Mokz ay agad na nagsipaglapitan sa amin ang ilang kilalang tao na may kinalaman sa BIS at SIS. Ang mga iyon ay si Chairman Moon ang pakay. Gusto kasi ng mga ito na maupo sa entablado si Chairman Moon pero ang sabi ng aming lolo ay naro'n siya para sa kaniyang apo, si Maxwell. At ang gusto niya ay mapanood ito bilang magulang, at hindi

bilang isa sa pinakamakapangyarihang tao sa Laguna. Ngayon ko lang ipinagpapasalamat na ganoon ang naging desisyon niya. Mas magiging mahirap kung naro'n siya sa stage at kami ay nasa 'baba.

"Kailangang malaman nila ang nakita ni Maxrill," sabi ko kay Mokz.

Pareho kaming nasa likuran ng Chairman at nakaharap sa karamihan ng tao na nananatili pa rin sa venue para mag-picture taking. Isa na ro'n si Tita Lacey na kaliwa't kanan ang pagpapa-flash sa hawak na camera. Ultimong paglalakad ni Randall ay kinukunan niya. Sina Maze at More naman ay abala rin sa pakikipag-usap sa ilang mga faculty members na noon ay sinasabi ang paghanga kay Maxwell. Akala ko ay mayayaya ko na silang umuwi agad pero nagkamali ako. Nahihirapan akong agawin sina Randall at Maxwell sa mga babaeng hindi magkaundagaga sa paglapit upang makapagpalitrato sa kanila.

"Babe!" mula sa likuran ko ay nangibabaw ang tinig ni Sensui. Agad ko siyang nilingon. **"Makasalanan 'yang mga mata mo, Taguro!"**

Napapikit ako sa inis. **"Please, 'wag ngayon."**

"Kailan pa? Kapag may nakita ka nang iba?"

"Deib?"

"Oh, babe, isa lang naman ang pakiusap ko sa 'yo. 'Yong ako lang ang tingnan mo. Grabe ka naman, Taguro. Hindi pa ba ako sapat sa 'yo? Eh, sobra-sobra pa nga ako!"

"Please?" Nagsisimula na akong mainis.

Pero hindi siya nagpatinag, masiyado na siyang sanay sa ugali ko. Sa halip na manahimik ay inakbayan niya pa ako at sapilitang idinikit sa katawan niya. At saka niya itinuro ang mga babaeng halos magkandarapa sa pag-uunahang makipagkamay kina Randall at Maxwell.

"Nakikita mo ba 'yong mga babaeng 'yon? Babe, lahat 'yon may gusto rin sa 'kin! Alam mo bang kapag lumapit ako kina Randall at Maxwell ngayon, hihimatayin na sila? Tch! Kaya ipinagpaubaya ko na sa bayaw ko at sa kapatid mo ang mga taga-hanga ko." 'Tsaka siya humarap sa 'kin na kulang na lang ay lumuwa ang mga mata sa sobrang pagmamalaki sa sarili. **"'Tutal, 'yong misteryosa ang gusto ko."** Kinindatan niya ako. **"'Yong hindi ko agad makikilala. 'Yong hindi ko agad makukuha. 'Yong pahihirapan akong lumapit sa kaniya. 'Tapos mataba noon, payat na ngayon. 'Tapos mayabang pero sweet kapag kami na lang. 'Yong babalik para magpaliwanag sa 'kin kahit ilang taon pa akong maghintay. 'Yong dahilan kung bakit hindi ko**

kailangang matakot. 'Yong gusto kong makasama habang-buhay. 'Yong Maxpein ang pangalan tapos may Zin sa kasunod. 'Yong del Valle ngayon pero magiging Enrile na kapag nakapagtapos."

"Tss." Nag-iwas ako ng tingin. Wala ako sa maayos na sitwasyon para kiligin.

"'Yong ikaw mismo, Taguro babe. Hehe."

"Tapos ka na?" angil ko, ngumuso siya. **"Mas mahaba pa 'yong sinabi mo kesa sa speech ni Maxwell, ah?"**

"Aray ko, Taguro! Kinagat ako ng langgam!" umakto siyang nananakit ang likod 'tsaka ngumiwi. **"Ang sweet mo, grabe!"** angil din niya at saka lumabi.

Wrong timing 'tong buset na 'to. Tsk.

"Babe," hinawakan niya ang kamay ko.

"Ano na naman?" nagpatuloy ako sa paglinga.

"Anak ng...bakit ba kung saan-saan ka tumitingin?" singhal niya, hindi na nakapagpigil. Hinawakan niya ako sa magkabilang pisngi at sapilitang iniharap sa kaniya. **"Ang bawat lingon mo sa iba ay pumapatay sa bawat puso na nasa paligid ko. Mas marami pa sa grumaduate ngayon ang pusong nakikita ko dahil magkasama tayo, Taguro. Kailan mo ba maiintindihan 'yon?"**

Naisabunot ko ang pareho kong kamay sa buhok ko. **"Patahimikin mo muna 'yang bibig mo, kahit ngayon lang!"** Kung pwede ko lang sabihin sa kaniya ang dahilan kung bakit gusto ko ng katahimikan ay baka manginig siya sa takot.

"Bakit nga kasi panay ang tingin mo sa iba? Nagseselos ako, seryoso ako." Seryoso nga siya. Pero sinamaan ko lang siya ng tingin. Lumapit siya at inis na inginudngod ang mukha sa akin. **"Ang gwapo ko, 'di ba?"**

"Tsk."

"Bakit ba hindi mo na lang sabihin na gwapo ako? Halata naman sa 'yong gwapong-gwapo ka sa 'kin." Totoong gwapo siya sa suot niya ngayon, nangingibabaw ang kagwapuhan niya. Nakakahibang pa sa bango ang amoy niya. Pero hindi niya alam ang sitwasyon at hindi ko pwedeng sabihin sa kaniya iyon ngayon.

"Umalis ka na nga muna sa harap ko." Isa siyang malaking distraksyon. Sumama lalo ang tingin niya dahilan para magkatitigan kami. Kumibot-kibot ang labi niya na animong may inuusal na sumpa sa 'kin dahil sa sinabi ko.

"Panay na naman ang tingin mo sa labi ko, Taguro. Sa labi ko na humalik diyan sa labi mo," pabulong niyang sabi na muling dumungaw sa 'kin. Nag-iwas ako ng tingin pero nagulat ako nang pilit niya na naman akong iniharap sa kaniya. **"'Wag ka nang tumingin sa iba, sinabi nang nandito ako."**

Tinuktukan ko siya. **"Minsan kailangan kong tumingin sa iba para makita ko ang kaibahan mo sa kanila. Hindi para maliitin o ikompara ka. Kundi para makita ko kung gaano ako kaswerte dahil pag-aari ko 'yong kakaiba na wala sa kanila. 'Yong nag-iisa. 'Yong kahit na sino ay hihilinging makuha. 'Yong Deib ang pangalan at Lohr ang kasunod. 'Yong Enrile noon 'tapos Enrile pa rin hanggang ngayon. 'Yong bading noon 'tapos babae na ngayon. Hehehe. Joke."** Kahit ako ay natawa sa huli kong sinabi.

"'Lakas mong mambitin, 'no?" sarkastiko niyang tanong. **"Binitin mo 'yong kilig ko, Taguro!"**

"Deib Lohr, anak, ano ka ba? Bakit ba sinisigawan mo si Maxi?" saway ni Tita Lacey na noon ay nakalapit na pala sa 'min. **"Hi, Maxi baby!"** Lumapit siya at hinalikan ako sa pisngi kasabay ng yakap. **"Bumisita ka sa bahay, okay? Nami-miss ka na namin."**

"Sige, sa susunod ho," nakangiting sagot ko. Magsasalita pa sana ako pero nag-ring bigla ang cellphone ko. Agad ko iyong kinuha, si Heurt ang tumatawag. **"Excuse me ho,"** nakangiti pa ring sabi ko.

"Sino 'yan?" sinubukang agawin ni Sensui ang cellphone.

"Ermats ko," nakangising sagot ko.

"Patingin!"

"Oh!" halos ingudngod ko ang telepono sa kaniya. **"Akala mo babae kung makapaniguro, tsk,"** bulong ko.

Ngingisi-ngisi naman niyang pinindot ang answer key. **"Hello, tita mommy!"** 'tsaka sumigaw dahilan para muli siyang sitahin ni Tita Lacey.

Pasimple kong sinenyasan si Mokz, sinagot niya naman ako ng tango, bago ako bahagyang lumayo. **"Heurt,"** sabi ko sa linya.

"Kumusta ang graduation?" bungad niya.

Nakahinga ako nang maluwang sa tanong niya. **"Ayos naman."** Napalinga pa ako sa paligid. Karamihan ng tao ay isa-isa nang umaalis sa venue. **"Parehong may honor sina Randall at Maxwell. Masaya na sana ang lahat kaso nakita ni Maxrill si Taylor,"** balita ko. **"Ang problema no'ng ituro niya sa 'kin ay hindi ko na nakita."**

"Kung ganoon ay bakit nariyan pa kayo?"

"Hindi kami makaalis, Heurt," namomroblema kong sagot. **"Kami ni Mokz lang ang nakakaalam, bukod kay Maxrill na inosente naman tungkol sa mga Rewis. Napakarami pang gustong kumausap sa Chairman, lahat ay gustong bumati. Hindi raw kami pwedeng umalis agad."**

"Gumawa ka ng paraan, Maxpein. Kung kinakailangang sabihin mo sa kanila ay gawin mo. Kailangan na ninyong makaalis diyan. At pagkatapos ay puntahan mo ako."

Bigla akong kinabahan. **"Bakit?"**

"Gawin mo na muna ang sinabi ko, dito na lang tayo mag-usap." Ibinaba niya na ang linya.

"Heurt? Hello?" pagtawag ko pero wala na talaga siya sa kabilang linya.

Inis akong napalingon sa mga kasama ko. Wala man lang nagbago sa ginagawa nila, pare-pareho pa ring abala. Pasimple akong lumapit kay Mokz na noon ay palihim pa ring nagmamatyag sa kabuuan ng venue. Sinabi ko sa kaniya ang napag-usapan namin ni Heurt, napabuntong-hininga na lang siya. Ako ang pumalit sa pwesto niya sa likuran ng Chairman nang lumapit siya kina More at Maze. Nakita kong binulungan ni Mokz ang mga ito, nilingon nila ako at saka ako tumango. Mababasa na agad ang pag-aalala sa mga mata nila kaya naman nag-iwas na ako ng tingin.

Sina Chairman Echavez at Chairman Enrile ang sunod na nilapitan ni Mokz. Pero dahil nakangiti siya marahil ay hindi niya sinabi ang totoo sa mga ito. Baka gumawa na lang siya ng dahilan para makaalis na kami agad dito.

Pero nang muling lumapit si Mokz kay Chairman Moon at sa mga kausap nito ay siya ring paglapit ni Mr. Ciufan. Naagaw nito ang atensyon ng lahat na naro'n at nagkukumpulan.

"Chairman Moon," inilahad ni Chupan ang kamay sa aking lolo.

"Mr. Ciufan," nakipagkamay si Chairman Moon dito.

Tiningnan kaming lahat ni Chupan bago muling tumingin sa Chairman. **"How have you been?"**

"I am good, Mr. Ciufan. Thank you." Maganda ang pagkakangiti ni lolo.

"That's good." Nilingon ni Chupan si Maxrill. **"Gusto mo bang sumunod sa yapak ng mga kapatid mo?"** Nginusuhan lang ito ni Maxrill at saka nagtago sa likod ng ina. **"Aba'y kailangan mong mag-aral nang maigi sa pagsasalita ng Tagalog, del Valle."**

Natawa si Chairman Moon maging ang mga kaninang kausap niya. **"Magaling naman na siyang umintindi, mas nasanay lamang talaga siya nang maaga sa Ingles kaya nakasanayan niya na."**

"Bilib ako sa talino ng mga apo ninyo, Chairman Moon." Muling hinarap ni Chupan ang lolo ko. **"Hindi ko man nasaksihan ang katalinuhan ni Maxwell ay nasubukan ko naman ang galing ni Maxpein. Ngayon ay itong katalinuhan ni Maxrill ang hinaharap ko."** Gusto kong magtawag ng handaan dahil alam niya pala ang mga pangalan namin. **"Sadyang mga kakaiba."**

"Obligasyon nila ang matuto, Mr. Ciufan. Salamat sa pagtitiyaga sa aking mga apo."

"Masarap silang turuan," ngumisi si Chupan. **"Ako mismo ay dumarami ang nalalaman."**

"Ganoon ba?" Natawa uli ang Chairman. **"Ikinagagalak kong marinig iyan. Kumusta ba itong si Maxrill sa klase?"**

"Maayos naman. Bukod sa masiyado siyang mapagbigay ay masiyado rin siyang matalino." Humalakhak si Chupan nang nakakaloko, iyong nakasanayan kong nakakainsulto. **"Hindi mawala sa isip ko iyong huling exam na ibinigay ko sa kanilang klase, Chairman Moon."** Ngumisi si Chupan kay Maxrill. **"Ipinagpilitan ng inyong apo na perfect niya ang exam ko kahit may sampu naman talaga siyang mali."**

"At paanong nangyari iyon?" nagtatakang anang Chairman.

"Ayon sa inyong apo, answer the following questions lang daw ang instruction ko. Wala ko raw sinabing isulat nila ang tamang sagot. Wala raw tama o mali sa mga sagot dahil hindi naman daw nakalagay sa instructions." 'Tsaka muling humalakhak si Chupan na sinabayan naman ng mga naroon. **"Huli na noong mapagtanto ko ang kaniyang punto. Natawa na lang din ako. Mahirap makipagtalo sa taong matalino at pilosopo."**

Napalingon ako kay Maxrill na noon ay bubulong-bulong, isinusumpa na si Chupan sa sarili naming lenggwahe. **"He can understand you,"** bulong ko sa kaniya na siyang ikinagulat ni Maxrill. Natawa na lang ako.

"See you next school year, Maxrill Won del Valle." Ngumisi si Chupan dito. **"Mauuna na ako, Chairman Moon. Ikinagagalak kong makaharap uli kayo."** Tumango nang pagkababa-baba si Chupan at saka tumingin sa akin. **"Maxpein."**

Tinanguan ko siya sandali at saka ako ngumisi. **"Mr. Ciufan."** Pinanood ko namin ang paglayo ng lecturer at saka kami nagdesisyong umalis.

"Babe, masikip niyo na diyan. Baka gusto mong sumabay sa 'kin?" nakangising tanong ni Sensui habang nakasandal sa bukas na pinto ng kotse niya at bigay na bigay sa pagpapa-cute.

"Hindi na," ngumiti ako. **"Kailangan kong sumabay sa kanila. Magkasunod lang naman tayo."**

Ngumuso siya. **"Ayaw mo ba 'kong makasama?"**

Napabuntong-hininga ako. **"Kailangan kong ihatid ang pamilya ko, Deib."**

"Hehehe, naiintindihan ko, Taguro. Tigilan mo ang katatawag sa 'kin ng Deib."

"Anong gusto mo, Lohr?"

"Tsk."

"Biro lang."

"Ano pa nga ba'ng aasahan ko sa biro mo? Tch."

"O, sige, pogi na lang."

"Ayoko niyan, masyadong mapanghusga."

"Tss." Hindi ko naiwasang matawa.

"Okay na 'ko sa babe." Ngumisi siya.

"Nguso mo. Tss."

"Nami-miss mo?" bigla siyang dumungaw sa 'kin.

"Ang alin?" bahagya akong umiwas.

"'Yong nguso ko."

"Hindi."

"Ako, nami-miss ko."

"Ang alin?"

"'Yong nguso mo...at saka 'yong ano."

"Ano?"

"'Yong tutut! Hahaha!"

"Manyakis," bulong ko.

"Pag-aari ko ang tutut mo, Taguro," sumasayaw sa pang-aasar na aniya. Sumama nang sumama ang mukha ko, at nararamdaman ko ang

pamumula ng pisngi ko.

"Manahimik ka nga? Kapag may nakarinig sa 'yo, pasasabugin ko 'yang nguso mo."

"Na pagagalingin mo rin gamit ang nguso mo? Pabor!"

"Tss. Sige na, umuwi ka na."

"Kailan ulit kita makikita, baby babe?"

"Busy ako ngayon."

"Mga kailan 'yan matatapos, baby babe?"

"Hindi ko alam."

"Kailan mo malalaman, baby babe?"

"'Wag kang makulit."

"Sasabihan mo ba ako, baby babe?"

"Sinabi nang 'wag kang makulit!" inambaan ko na siya.

"Nananakit ka na talaga, baby babe." Ngumuso siya.

"Nakakaasar 'yang mukha mo, mas nakakaasar pa 'yang boses mo. Tss. Bakla!" singhal ko 'tsaka lumapit para nakawan siya ng halik sa pisngi. **"Pupuntahan kita kapag gusto kitang makita. Kapag hindi, eh...tiis na lang. Hehehe. Ingat sa pagmamaneho."**

"Mahal mo 'ko?"

"Sobra."

"Gusto kong marinig, Taguro. Sabihin mo munang mahal mo 'ko." Kinagat niya ang sariling labi sa sobrang pagkakangiti.

"Mahal mo 'ko," pang-aasar ko. Syempre, nawala ang ngiti niya. **"At mahal natin ang isa't isa. Hehehe."**

"Ang korni mo, Taguro. Bilisan mo na bago kita gawing menudo."

"Walang mais sa menudo, Sensui. Green peas 'yon."

"Alam ko! Sabihin mo nang mahal mo 'ko!"

"Mahal kita," nakangiting sabi ko 'tsaka ako lumabi, nang-aasar. **"Sige na, mauna ka na. Kasunod mo kami."**

"I love you, baby babe."

"'Ge." Tinalikuran ko na siya.

"Wooh! Grabe! Kahit hindi na 'ko magmaneho! Sa dami ng langgam, mabubuhat na nila ang kotse ko at ipaglalakad ako sa sobrang ka-sweet-an ng girlfriend ko!" pagpaparinig niya sa 'kin. Nangiti ako pero hindi ko na lang siya pinansin.

"He's too loud," reklamo ni Maxrill nang makasakay ako sa kotse. **"I can hear him even when the doors are closed, Noona."**

"Masanay ka na," natatawa kong bulong.

"Are you going to marry that man, Noona?" parang naririndi pa ring tanong niya. **"Noona, are you going to marry that man?"** Binaliktad niya ang tanong nang hindi ko sagutin ang nauna.

Napabuntong-hininga ako. **"Wala kang pinagkaiba sa kaniya."**

"No."

"Pareho kayong madaldal."

"No!"

"Pareho kayong isip-bata."

"No!"

"Pareho kayong makulit."

"No! No! No!"

"Pero mas matakaw ka. Hehe."

"Yes." Ngumisi rin siya sa sariling ugali.

Sa kabila ng ilang beses kong pakikipagbiruan, hindi nawawala sa isip ko ang posibilidad na naro'n din ang mga Rewis. Gaya ni Mokz ay panay pa rin ang paglinga ko. Mabuti na lang at nagpa-drive kami gamit ang limo. Matututukan namin ang daan at maging ang isa't isa. Pinaggigitnaan namin ni Maxwell sina Chairman at Maxrill. Nasa unahan si Mokz, sa tabi ng driver. Nasa harapan naman namin sina More at Maze na noon ay hindi maalis ang paningin sa daan.

Ang nauunang sasakyan ay ang mga tauhan namin. Kasunod niyon ay ang mga Echavez at ang sumunod pa ay ang sasakyan ng mga Enrile. Tatlo ang dalang sasakyan nina Sensui, marami kasi sila. Ang dalawang sasakyan pa sa likuran ay mga tauhan din namin.

Hindi kami nahinto sa pagmamatyag, sa pag-aabang ng kung ano ang posibleng nangyari. Mabilis ang byahe pero dahil sa Maynila pa ang pinanggalingan namin ay mahigit isang oras din kaming nagbyahe. At nakahinga lang kami nang maluwag nang sa wakas ay makauwi na ang lahat. Doon tumuloy sa mga Echavez sina Sensui. Iniimbatahan kami nina Randall para sa maliit na salo-salo nila, tuloy ay nabatid kong hindi sinabi sa kanila ni Mokz ang totoo. Sinabi ko na lang na susunod ako, kailangan ko muna kasing daanan si Heurt.

"Maxrill, mamaya mo na ulit kulitin ang Chairman. Kailangan niyang magpahinga," sita ni Maze sa anak.

"Mom, I want to eat. Please?" parang batang pakiusap ni Maxrill. Walang nagawa si Maze kundi ang samahan ang anak sa kusina.

"Ano ang plano mo?" agad na tanong sa 'kin ni daddy.

Napabuntong-hininga ako. **"Pinapupunta ako ni Heurt sa TB, may pag-uusapan daw kami. Pero nag-aalala ako sa mga Enrile at Echavez. Magkakasama ang mga 'yon ngayon."**

"Wala naman silang ginawa ngayon, baka naman tulad no'ng mga nakaraan ay nagmamatyag lang sila sa mga kilos natin? Ano sa tingin mo?"

"Posibleng gano'n nga, dad. Pero mahirap na. Kapag gano'n ay nagpaplano sila."

"Kailan ba mahihinto ang mga iyan?" ani Chairman matapos tumikhim. Hindi maganda ang tono ng boses niya, parang anumang oras ay magagalit na siya. **"Hindi ko maintindihan ang kanilang ipinaglalaban. Wala na sa tamang dahilan."**

"Handa silang mandamay ng kahit na sino, huwag tayong pakasiguro," ani Mokz.

"Aalis na ho muna ako." Tumayo ako at tumango sa kanilang lahat. **"Pakitawagan ako kung may maramdaman o mapansin kayong kakaiba, Mokz,"** nakikiusap ang tinig ko.

"Huwag mong pababayaan ang sarili mo, Maxpein," ani Chairman Moon. Nilingon ko siya at nakita ko na naman ang napakaganda niyang ngiti.

"Mag-iingat ako, Chairman," ginawaran ko rin siya nang matamis na ngiti. Lalo pa tuloy niya akong nginitian na halos hindi ko na makita ang kaniyang mga mata.

Ang ngiti na iyon ng Chairman ay tumatak na sa isip ko. Tuloy ay hindi ko maiwasang mapangiti habang nagmamaneho.

Sandali akong nakipagbatian sa mga bakla nang makarating ako sa TB. Hindi ko na rin matandaan kung kailan pa ba ako huling napadpad doon at nagtagal para makipagkwentuhan sa kanila. Ni hindi ko man lang sila nakukumusta. Nagtatampo na tuloy sila sa akin, gano'n na rin kay Naih. Pero dahil iba ang pakay ko ay nangako na lang ako sa kanilang babawi sa susunod.

"Biglaan naman yata ang pagtawag mo?" agad na tanong ko nang maupo si Heurt sa harapan ko. Ipinagdala niya ako ng maiinom, agad kong sinunggaban iyon. Hanggang sa sandaling iyon kasi ay kinakabahan ako sa hindi ko malamang dahilan.

Ipinatong niya ang kaliwang siko sa mesa at saka itinuon doon ang kaniyang noo na para bang malaking problema ang sasabihin niya. Ilang beses ko siyang nakitang bumuntong-hininga bago tumitig sa 'kin na animong hindi malaman kung saan magsisimula.

"What is it, Heurt? Tell me." Hindi na ako makapaghintay. Ang kaba sa dibdib ko ay lalong tumitindi dahil sa reaksyon niya.

"Merra." Sinabi niya iyon na para bang iyon na ang sagot sa lahat ng tanong ko. Pero wala akong naintindihan.

Kunot-noo akong napatitig sa kaniya. **"Anong Merra?"**

"Ang mga Rewis..." Bumuntong-hininga siya matapos ibitin ang sasabihin. Unti-unti akong nilalamon ng kaba at kuryosidad habang naghihintay sa iba pang sasabihin niya. **"Merra ang tunay na apelyido nila. Ang Chairman nila ay si Don Julio Jove Merra. Ang kaniyang esposa ay si Doña Felicidad Alba-Merra. Mga nakatira sila sa Spain pero may lahing Filipino. Buena de familia anang impormante ko. Pero unti-unting nalulugmok dahil nasangkot sa ipinagbabawal na droga ang Don magmula nang mamatay si Doña Felicidad."**

"Hindi na ako nagugulat dahil inaasahan ko na rin namang nagtatago sila sa ibang pangalan."

Hindi ko maiwasang maalala ang sandaling makausap ko si Taylor. Parang nakalimutan niya pang Rewis ang pangalan na ginagamit nila. Pero dahil sadyang maloko ito ay nakuha pang tumawa.

"Nalaman mo ba kung bakit nila ginagawa 'to?" tanong ko.

Umiling siya. **"Ang impormante ko ay kakilala lang ng asawa ni Taylor. Nangako kami sa isa't isang walang makakaalam tungkol sa pag-uusap namin."**

Tumango ako. **"Matagal na sila dito?"**

"Mas madalas sila dito sa Pilipinas kompara sa España. Karamihan ng business ng Doña ay nasa Maynila. Ang mga anak ang naglalagi sa ibang bansa."

"May nalaman ka ba tungkol sa mga anak?"

Tumango siya at saka ngumisi. **"Ampon silang lahat, mula sa mga anak ng Chairman hanggang sa mga tauhan. Lahat sila ay nagmula sa Tahanan, iyon mismo ang pangalan ng bahay-ampunan. Magkakaiba ng taon noong ampunin sila."**

Naihilamos ko ang mga palad ko sa sarili kong mukha. Hindi ko man lang naisip 'yon. **"'Tapos?"** kunot-noong tanong ko.

"Apat ang anak ng don pero iisa lang ang tunay."

"Alam ko ang tungkol dyan, sino ang tunay?"

"Si Yaxha."

Kumunot ang noo ko. **"Babae?"**

Tumango siya. **"Oo, at pumanaw siya bago mamatay ang kaniyang inang si Felicidad."**

Napailing ako. **"Nalilito ako. May kinalaman ba sa nangyayari ngayon ang pagkamatay ng Yaxha na 'yan?"**

Umiling siya. **"Namatay siya dahil sa sakit sa buto, ayon sa impormante."**

Napabuntong-hininga ako. **"At 'yong tatlo?"**

"Si Lucargo Pecado-Merra ay piloto. Sa Spain mismo siya nakabase kasama si Tierralur Fonda Aitana Merra na isang dentista. Si Amato Amador Merra naman ay isang arkitekto at sa Amerika siya tumira, ilang taon bago muling bumalik dito sa Pilipinas."

"Teka, teka." Muli kong naihilamos ang mga palad ko sa aking mukha. **"Heurt, hindi ko kilala 'yang mga tinutukoy mo. Lalo mo 'kong nililito."**

Ngumisi siya. **"Kakatwa pero nag-research ako bago kita papuntahin dito."** Sa sinabi niya ay mas lalo pa yata akong nalito. Walang kinalaman ang isinagot niya sa sinabi ko.

Bago pa man ako dumadang muli ay iniharap niya na sa 'kin ang laptop. Pero kahit anong tingin ko ro'n ay wala akong maintindihan. Masiyadong maliliit ang letra at napakahaba ng babasahin. Binigyan ko siya ng nababagot, nalilito at naiinis na tingin, at hinayaang magpaliwanag.

"Ang ibig sabihin ng Yaxha ay *water*, tubig yon sa salita natin." Tumingin si Heurt sa 'kin. **"Ang Pecado naman ay *sin* sa Ingles, iyon si Cargosin."**

Napatindig ako at tumunghay sa laptop. Napatitig ako sa kaniya kasabay ng pagbubuntong-hininga. **"What the hell?"** napapailing kong bulong.

"Si Teirralur Fonda ay si Eerah Anitha." Ngumisi siya. **"Sa Ingles ang ibig sabihin ng pangalan niya ay *earth*. Napakatatalino, sapagkat nagawa nilang itago ang tunay na pangalan gamit ang iba nitong kahulugan."**

"At si Amato Amador ay si Lovemir?"

Nakangiti siyang tumango. **"Ang ibig sabihin niyan ay *beloved* at *lover*, hindi iyon nawala sa kaniyang pangalan."**

Nasapo ko ang sariling noo, natakpan ko ang aking mukha gamit ang palad at doon paulit-ulit na napabuntong-hininga. Sumakit yatang bigla ang ulo ko dahil sa aking mga nalaman. Iyong katotohanan pa lang na ampon silang tatlo ay nakapangingilabot na. Dumagdag pa ang tungkol sa mga pangalan nila. Tama si Heurt, napakatatalino nila para magtago sa mga pangalan na 'yon.

"Sina Taylor at Christian ay pareho ring ampon, galing din sa Tahanan. Magaling sa sasakyan si Christian, magaling din siyang mangarera. Habang si Taylor naman ay mahusay sa paggamit ng mga armas at higit na sa paggawa ng bomba. Ang sabi ng impormante ay may lahi siyang Russian at Latino kaya ganoon ang kaniyang hitsura."

Umiling ako nang umiling. **"Hindi ako makapaniwala,"** bulong ko sa sarili naming lenggwahe.

"Ako rin," tugon niya sa sarili rin naming lenggwahe. **"Maging ang Tahanan ay ginusto kong puntahan pero gahol na ako sa oras. Pakiramdam ko kasi ay kailangan malaman mo na ang lahat ng ito bago pa mahuli ang lahat."**

"Ano ang nalaman mo tungkol sa Tahanan?"

"Wala naman masiyado." Ngumiwi siya. **"Pero nakagugulat malaman na matitino ang lahat ng bata roon. Naniniwala naman ako sapagkat nabanggit sa akin nang nakausap ko mula sa Tahanan na para hindi lumaking inutil ay tinuruan nila ang lahat ng bata roon. Tuloy, ang lahat ay lumaking maraming talento."**

"Pagkanta," sabi ko.

Tumango siya. **"Hindi lang iyon, Maxpein. May mga paghuhusay sila roon. Gaya nang paggamit ng iba't ibang uri ng espada, gayon na rin ang depensang pansarili."**

Nahilamusan ko na naman ang mukha ko at saka nanlalatang ipinatong ang pareho kong siko sa mesa. **"Ngayon ay alam ko na."**

"Siniguro sa akin ng nakausap ko mula sa Tahanan na maayos ang mga bata roon, lalo na ang mga inampon ng Merra. Nagtataka tuloy ako kung ano ang ginawa sa kanila ng don at doña para magkaganoon."

"Hindi kaya dahil sa ilegal na droga o negosyo?" umiiling kong tanong.

"Posible. Nasabi ko naman na sa iyo kung ano-ano ang trabaho nila at kakayahan. Posibleng inampon sila ng mag-asawa para maging

kapaki-pakinabang sa buhay nila. Pumili sila nang marunong. Iyong alam nilang may mataas na posibilidad gumawa nang masama."

Kakaiba sa pakiramdam, pinaghahalo ang mga emosyon ko. Ang gulat ay lamang. Pakiramdam ko ay nakahukay kami nang napakaraming ginto habang nagpaplanong magtanim. Ni hindi man lang sumagi sa isip ko ang mga bagay na nalaman ko ngayon bagaman nasiguro ko nang hindi sila mga Rewis.

"Ngayon ay masasabi kong napakatindi ng paghahandang ginawa nila para sa paghihiganting 'to, Maxpein," dagdag niya.

"Ang masasabi ko naman ay ngayon lang ako humanga sa kanila, dahil dito sa mga nalaman ko. Dahil sa galing nilang magplano," sarkastiko akong ngumisi pero sa likod niyon ay naro'n ang galit ko.

Naisip ko si Lovemir. *Kaya siguro gano'n na lang ang galit ni Chairman Rewis sa kaniya ay dahil nagkaro'n sila ng relasyon ni Eerah.* Ngayon ko lang nagagawang pagdugsung-dugsungin ang ilan sa kanilang pagkakakilanlan. Pero kahit gano'n ay hindi ko pa rin mabuo ang sagot kung bakit nila ito ginagawa.

"Nakapasok sila sa BIS at SIS nang walang kahirap-hirap gamit ang ibang pagkatao, Maxpein," aniya pa. **"Gano'n kalayo ang narating ng kanilang paghihiganti."** Umiling siya nang umiling. **"Talagang sinusubaybayan nila ang mga Echavez at Enrile nang maigi. Hindi na ako nagtataka kung bakit alam nila kung kailan susugod, kung kailan aatake at kung kailan mananahimik."**

Sandali akong nag-isip at saka muling tumingin kay Heurt. **"Hindi kaya may kinalaman sa droga 'to?"** kunot-noong tanong ko. **"Ang sabi ni Maxwell ay positive sa drug test si Deib Lohr no'ng gabing naospital siya bago dalhin sa America."**

Napabuntong-hininga siya. **"Iyan din ang nakikita kong dahilan sa ngayon."**

"Kung gano'n ay may kinalaman sa droga si Chairman Enrile?" nagugulat kong tanong.

"Posible, Maxpein."

"Eh, bakit kailangang madamay ng mga Echavez? Hindi naman mukhang nagda-drugs si Tita Dayzelle, lalo na ang Chairman nila. Tss."

"Ang totoo ay iyan din ang isa pa sa mga tanong ko. Naisip ko ring maaaring sangkot din sa droga ang mga Echavez. Hindi tayo pwedeng

pakasiguro, hindi porket wala sa hitsura nila ay maniniguro na tayo. Kahit pa mukhang imposible." Bumuntong-hininga siya. **"Sana ay nagkakamali ako. Dahil kapag nagkataon ay labas na tayo rito, Maxpein."**

Hindi ako makapaniwala. Matagal akong napatitig sa kaniya at saka nagpatuloy sa pag-iisip. Pero kahit na anong gawin ko, hindi ko makumbinsi ang sarili ko na sangkot sa ilegal na droga ang dalawang pamilya. Hindi matanggap ng isip ko. Masyado silang matitinong tao para gawin ang mga gano'ng bagay.

"Kompara sa mga Echavez, mas pinaghihinalaan ko si Chairman Enrile na may kinalaman sa droga," dagdag niya. **"Pero may isang bagay akong ipinagtataka, Maxpein. Hindi ko matutukan ang pag-iisip tungkol sa mga dahilang iyan dahil paulit-ulit kong naiisip ang bagay na aking ipinagtataka."**

Agad akong nag-angat ng tingin sa kaniya at napalunok. **"Ano 'yon?"**

"Pagsabog ang nangyari, hindi ba?" seryoso niyang tanong. Tumango ako. **"Pero ang ikinamatay ni Doña Felicidad ay dahil sa tama ng bala sa kaniyang dibdib."**

Napatitig ako sa kaniya. **"Ano?"** Wala pa man siyang eksplanasyon ay nakukuha ko na ang punto niya.

Tumango siya. **"Iyon ang sabi ng impormante. Dumaan din ako sa BIS hospital matapos kong malaman ang tungkol do'n, matapos kong makipag-usap sa kaniya. Doon ay ipinahanap ko ang record ng Doña, and they told me that she died from a gunshot wound on her chest. Dead on arrival ang nakalagay sa iisang piraso ng papel, na record umano nito ayon sa nurse na nakausap ko. Wala ring doktor na humawak sa doña, ni walang makaalala rito kahit ipakita ko ang record. At naisip kong posible ring isa iyon sa ikinagagalit ng mga Rewis, iniisip siguro nilang nabale-wala ang kanilang ina sa BISH."**

Tuluyang sumakit ang ulo ko pero hindi ko na nagawang alisin pa ang paningin sa kaniya. **"Panay pagsabog ang sinasabi nila sa 'kin, bakit hindi nila nabanggit na iyan ang ikinamatay ng nanay nila?"** Gusto kong magalit.

"Posibleng nililito ka lang nila, Maxpein. Hindi sila nagplano nang matagal para sabihin lang agad sa 'yo ang sagot sa lahat. At isa pa ay posibleng ginagawa nila ito para paglaruan tayo."

"I don't get it!" Naihampas ko ang pareho kong kamay sa mesa. **"Sa ganitong paraan nila plinanong gumanti? Lahat tayo ay nadadamay!"**

"Wala tayong magagawa dahil ganito sila kung mag-isip, Maxpein. Ganito ang kanilang plano. Kung tayo ang masusunod sa lahat ng nangyayari ay baka maaga itong natapos."

Nasapo ko muli ang aking noo at saka ako napapikit. Pinakikiramdaman ko kung totoo ba ang nangyayari ngayon o nananaginip lang ako. Palihim kong hinihiling na sana ay nahihimbing ako at magising na. Pero hindi gano'n. Totoong nangyayari ito, totoo ang mga narinig ko. At kahit gaano kalalim o katindi ang gawin kong pag-iisip ay wala akong mahitang sagot. Wala akong maisip na paraan para mapigilan ang lahat.

Magsasalita na sana ulit ako nang matinag ako sa tunog ng cellphone ko. Sinenyasan ko si Heurt at saka inilabas ang telepono. Si Randall ang tumatawag. Sinagot ko iyon habang na kay Heurt ang paningin.

"Hello?"

"Pein," humahangos ang tinig ni Randall. **"Pein, where are you?"** tanong niya na animong nagmamadali, hinihingal masiyado.

"Why?" kaswal kong tanong. **"I'm busy at the moment, Randall."** Pakiramdam ko ay hindi ko pa rin magawang makapag-isip nang tama.

"Pein, I need your help," nagmamakaawa niyang sabi.

Kumunot ang noo ko. **"What is it?"**

"Rhumzell and RD are missing."

"RD? RD, who?"

"My son!"

"Ano?" nagugulat kong tugon.

"Pein, I can't find my son. My son is missing and so as Rhumzell! RD is missing!" animong nauubusan ng pag-asang aniya.

Natigilan ako at mas napatitig kay Heurt na sinagot naman ako ng nagtatakang tingin. **"Wait, what do you mean?"**

"He's missing! They are missing! We can't find them and we have no idea where to find them!"

"Paanong nangyari 'yon?" tanong na dapat ay para sa sarili ko lang. **"Where are they?"**

"I don't know!" naghihisteryong tugon niya. Sa tinig niya ay batid kong tumatakbo siya. **"Pein, please help me. I need to find my son and my brother! I don't know where to find them but please...please help me."** Sa boses niya, anumang oras ay parang maiiyak na siya.

"Where are you?" Tumayo ako, sinundan naman ako ng tingin ni Heurt.

"Nandito ako ngayon sa BIS Hospital, executive room, dinala namin dito si Dein. It's a long story, Pein. Can you come here?" nakikiusap niyang tanong.

"Stay there, I'm coming." Agad kong ibinaba ang linya.

"What happened?" tanong ni Heurt, sinabi ko naman agad ang napag-usapan namin ni Randall na siyang ikinagulat niya. **"I'm coming with you."**

"Let's go." Hindi kami na kami nagsayang ng sandali. Maski ang magpaalam sa mga bakla ay hindi na namin nagawa.

Dumadagundong ang kaba sa dibdib ko habang nagmamaneho papunta sa ospital. Hindi ko maisa-isa ang mga bagay na tumatakbo sa isip ko. Hindi ko inaasahan ang bagay na ito, kailanman ay hindi ko naisip na posibleng madamay ang mga batang walang kamuwang-muwang sa mga gulong nangyayari. Napakaraming tanong na nabubuo sa isip ko; nasaan si Dein nang mangyari iyon? Paano iyong nangyari? Anong oras pa nawawala ang anak at kapatid niya? Bakit walang nakapansin? Kumusta ang lagay ng iba pa nilang kasama?

Napakaraming tanong na hindi ko na nga magawang sagutin ay nakadaragdag pa sa kaba sa aking dibdib.

Madilim na ang gabi kaya naman matindi ang kabang nararamdaman ko para sa dalawang bata na nawawala. Sa ganitong oras, saan namin hahanapin ang mga ito? Paniguradong higit na nag-aalala ang pamilya, lalo na ang mga magulang nila.

HALOS tumakbo kami papunta sa kwartong sinabi ni Randall. Hindi ko na nagawang kumatok, agad na kaming pumasok at eksakto namang sumalubong sa 'min si Randall. Mugtong-mugto ang kaniyang mga mata at wala na sa ayos ang kaniyang itsura.

"Ano ang nangyari?" aligaga kong tanong, lalo akong nag-alala.

Naisabunot niya ang kamay sa buhok at kung saan-saan tumingin. **"Pein, we have to find them!"** umiiyak na namang aniya.

Hinawakan ko ang magkabilang braso niya, umaasang kakalma siya kahit papaano para makausap ako nang ayos. **"We will find them, Randall. But at least tell me what happened."**

"I don't know!" piyok niya. **"Pagkatapos naming maghapunan sa bahay nina mommy ay umuwi kami ni Dein sa bahay namin. I left her**

with a friend, Rossa, while RD was with his yaya. I went back to my mom's house; she called me because Rhumzell was missing."

Noon ko lang nagawang lingunin ang ilan pang naroon sa kwarto. Kompleto ang mga Enrile, si Dein ay walang-malay at nakahiga sa kama ng pasyente. Naro'n din ang pamilya ni Randall, maliban kay Rhumzell na nawawala nga. At bahagya akong nagitla nang makita kong naroon din sina Maxwell, Mokz, Maze at More.

Napatitig pa ako kay Sensui na noon ay nasa tabi ng kaniyang kapatid at nakalingon din sa akin. Nilingon ko si Randall at saka ako nagsalita, **"Paanong nangyari 'yon?"**

"I don't know! I really don't know, Pein!" nagwawala na siya. **"Hinanap ko si Rhumzell sa playground, gano'n na rin sa park! Doon lang naman siya pumupunta kapag lumalabas siya sa bahay. Nagbaka-sakali akong nando'n siya kahit gabi na. Hindi niya ugaling lumabas nang gabi. Pero no'ng tumawag sa 'kin si Deib Lohr at sinabing dinala sa ospital si Dein dahil nawalan daw ng malay, do'n ko nalaman na pati si RD ay nawawala! Damn! I'm going crazy!"** Naisabunot niya ang parehong kamay sa buhok at naupo sa sariling mga paa.

Hindi ako makapaniwala sa mga narinig ko, maging sa aking nakikita. Nagsisipag-iyakan sina Tita Lacey at Tita Dayzelle, mababasa naman ang matinding pag-aalala sa mukha ng iba pang naroon. Noon ko lang din nakitang nanlumo nang matindi si Randall dahil hindi niya alam kung ano ang gagawin.

"Nasisiguro kong sila na naman ang may pakana nito," bulong sa 'kin ni Heurt, hindi iyon narinig ni Randall. Napabuntong-hininga ako at bahagyang napailing. **"We've got find the kids soon, Maxpein."**

"We will," pabulong na tugon ko at saka ko hinawakan sa magkabilang braso si Randall. **"Get up, we'll find them."**

Bahagyang nagliwanag ang mukha niya nang mag-angat ng tingin sa 'kin. Kahit hinang-hina ay tinulungan niya ang sariling makatayo. **"Please help us, Pein,"** nakikiusap niyang sabi.

"Yes, I'll help you. Pero ayusin mo muna ang sarili mo, Randall. Hindi ka pwedeng manghina nang ganiyan. Hahanapin natin sila at hindi tayo titigil hangga't hindi natin sila nakikita," paniniguro ko.

"Pero saan? Paano?" nawawalan nang pag-asang aniya.

"Hindi natin malalaman kung magtatanong lang tayo, Randall. Kailangan nating kumilos," kunot-noong sabi ko. Hindi niya nagawang

sumagot. Umiiyak siyang umiling nang umiling habang nakayuko.

Binitiwan ko naman siya at saka ako lumapit kay Dein na noon ay nahihimbing. May pasa ang palibot ng bibig niya hanggang sa tainga. Nangingitim maging ang palibot ng kaniyang mga mata. Nang tingnan ko ang mga kamay niya ay pareho ring namamaga ang mga iyon. Mukhang may pinagdaanan siyang pagpapahirap bago makarating sa ganitong kagaan na sitwasyon.

"Pein, what should we do?" nag-aalalang ani Randall.

"Calm down," pakiusap ko.

Natutuliro siya, hindi malaman ang gagawin habang tumatagaktak ang mga luha sa magkabilang mga mata. **"I don't know what to do if something happens to my family, Pein. I'm going to kill the person behind this bullshit!"**

"Calm down, we'll find them."

"Where? I don't know where they are!"

"Malamang!" Gusto ko siyang sapakin. **"Hahanapin pa ba natin ang mga 'yon kung alam natin kung nasa'n sila? Umayos ka nga!"**

Nanlulumo siyang yumuko sa paanan. **"I swear I'm going to kill the person behind this! I swear I'm going to kill them!"** nanggagalaiti niyang sigaw at saka pinagsusuntok ang malamig na semento.

Nakakaubos ng lakas ang katotohanang hindi namin alam ang kinaroroonan ng mga bata. Hindi namin alam kung saan kami pupunta, kung saan sila makikita. Wala akong ideya kung saan unang pupunta, kung saan kami dapat magsimula. At ang isipin kung ano na ang nangyayari sa dalawang bata nang sandaling iyon ay nakapagpapasikip sa dibdib ko.

Inosente ang dalawang 'yan. Lalong nangunot ang noo ko, napigilan ko pa ang paghinga sa sobrang galit, nang maisip ko 'yon. Mas matinding emosyon ang nararamdaman ko ngayon, lalong pinaghalo-halo at hindi ko na matukoy kung alin ang higit kong nararamdaman.

Napabuntong-hininga ako, nakapikit akong umiling at nang magmulat ako ay kaharap ko na si Sensui. Nanlulumo siyang yumuko sa pareho niyang tuhod na animong hapong-hapo. Pinanood ko siyang kalmahin ang sarili sa gano'ng posisyon. Balatay na ang matinding pag-aalala sa mukha niya nang muling umayos ng tindig at tumitig sa 'kin.

Lumapit ako at hinawakan siya sa balikat. **"Everything will be all right,"** paniniguro ko.

Nag-aalala siyang tumitig sa 'kin bago nakapagsalita, **"Taguro...hindi ko na alam kung ano ang gagawin ko."**

"Marami kang pwedeng gawin, unang-una ro'n ay tigilan mo ang sobrang pag-aalala. Hindi makakatulong 'yan," sabi ko at saka bumaling kay Dein. Sandali ko siyang tiningnan bago ko nilingon si Maxwell. **"Gisingin mo siya."**

Nagugulat akong tinitigan ng kapatid ko. **"Are you nuts?"**

"Gisingin mo siya, Maxwell," muling utos ko.

Sinamaan niya ako ng tingin bago tuluyang lumapit sa kama ni Dein. Masama pa rin ang tingin niya sa 'kin bago tiningnan ang nahihimbing na babae. Ilang beses siyang bumuntong-hininga bago hinawakan si Dein sa balikat.

Ang lahat ay titig na titig na sa ginagawa ni Maxwell, umaasa sa kaniyang magagawa. Nang walang ano-ano ay kinalabit niya ito. **"Dein,"** pagtawag pa niya. **"Dein, wake up,"** malumanay niyang sabi.

Bumagsak ang mga balikat ko. **"Ganiyan lang ang magagawa mo?"** inis kong singhal.

"What will I do? She lost her consciousness, Pein. And all we can do is wait."

Tiningnan ko siya nang masama 'tsaka ako lumigid papunta sa paanan ni Dein. Pinisil ko nang mariin ang malambot na bahagi ng kaniyang bukong-bukong gamit ang dalawa kong kamay. At gaya nang inaasahan ko ay bigla siyang bumangon na animong iyon nangyari pa rin ang nasa isip.

"Dein!" sigaw ko.

"Oh, my God! Pein! Thank God!" bulalas niya, mabilis na dumaloy ang mga luha sa kaniyang mga mata. Agad na nagsipaglapitan ang karamihan sa 'min.

"We don't have much time. I need you to tell me what happened, Dein."

Umiling siya nang umiling habang nakatingin sa kung saan. **"Abala kami ng kaibigan kong si Rossa sa pagkukwentuhan sa guest room kung saan ko siya balak na patulugin. Bukas 'yong pinto nang oras na 'yon nang may maramdaman akong kaluskos sa hallway ng mga kwarto. No'ng una ay binale-wala ko 'yon kahit pa panay ang lingon ko ro'n."** Nagkwento siya habang kunot na kunot ang noo at nakatitig sa kaniyang paanan. **"No'ng marinig kong umiyak si RD ay nagpaalam ako sandali kay Rossa para tingnan ang anak ko. Pero paglabas ko sa**

kwarto..." Nag-angat siya ng tingin sa 'kin. **"Pein paglabas ko sa kwarto ay may tao."** Umiyak siya sa takot.

"God!" umiiyak na bulalas ni Tita Lacey. Agad itong yinakap ni Tito Lohrton para huminahon.

"Ang mga Rewis, Pein. Sila ang nanloob sa bahay namin. Sinaktan nila ako, iginapos, itinali at binusalan. Maging ang kaibigan ko at kasama sa bahay ay pinahirapan nila!" naghihisteryang patuloy ni Dein na animong nararamdaman pa rin ang sakit habang inaalala ang nangyari sa pagkukwento.

"Nakilala mo ba kung sino?" agad kong tanong. Kabado siyang tumango. **"Sino?"** napahawak pa ako sa kama.

"Hindi ko alam ang pangalan niya pero nasisiguro akong siya 'yong lalaking nandoon no'ng nanganak ako!"

"Ano?" naguguluhang tanong ko.

Biglang nilingon ni Dein si Sensui. **"Deib, sigurado akong siya 'yong lalaki na nagmamakaawa no'ng gabing manganganak ako. 'Yong binatang lumapit at nakiusap sa doktor na unahin ang magulang niya. Deib, siguradong-sigurado akong siya 'yon!"**

Napatingin ako kay Sensui, lalo yata akong nalito. *Sinong lalaki 'yon? Kilala rin ni Sensui?* Nagpapalit-palit ako ng tingin sa magkapatid.

"Sinong lalaki, Dein? Sabihin mo sa 'min," nagkukumahog na ani Randall.

"I don't know his name!" bulalas ni Dein na animong naliliyo pero mas piniling makisama para makatulong sa 'min. **"Deib, natatandaan mo ba 'yong lalaking 'yon?"** umaasang tanong niya.

Nilingon nang lahat si Sensui na noon ay nakatingin sa kung saan at malalim ang iniisip. Mahahalatang nahihirapan siyang mag-isip, nahihirapan siyang alalahanin ang tinutukoy ni Dein pero sinisikap niyang may maalala.

"It can't be..." Sa halip na sagutin ang tanong ay iyon ang nasabi ni Sensui. **"'Yong...'yong picture na nakita ko. Sinabi ko na nga ba't...pamilyar 'yon sa 'kin,"** mariing bulong niya na animong kinakausap ang sarili. **"Damn it, I knew it!"** dagdag pa niya. Iiling-iling na nakatingin sa kung saan habang salubong na salubong ang mga kilay na animong hindi malaman ang sasabihin.

Hinarap ko siya. **"Sino 'yon?"** tanong ko.

Pero hindi pa rin siya sumagot. Nanatiling kunot na kunot ang noo niya at titig na titig sa kung saan. Nanginginig ang mga labi niyang nakaawang at mabilis na nangilid ang mga luha. Lalo akong nagtaka, nadagdagan pa 'yon nang pag-aalala.

Lumapit ako at inuga-uga siya. **"Deib, sabihin mo sa 'kin kung sino 'yon,"** mariing sabi ko pero hindi siya bumalik sa huwisyo.

"'Yong lalaking itinuro ko sa 'yo sa parking lot, Pein. Siya 'yon!" bulalas ni Dein.

Nagtayuan ang mga balahibo ko at dahan-dahang napalingon sa kaniya. *Si L-Lovemir?* Hindi ako makapaniwala. Bigla ay nanlambot ang tuhod ko at wala na sa ayos ang pagkakatayo ko.

"Si Lovemir!" bulalas ni Sensui, hindi na ako nagulat. **"Damn! Bakit hindi ko siya nakilala!"** nahampas niya ang ilang gamit na malapit sa kaniya.

Nagugulat akong napatitig sa kanila. Litong-lito ako at pakiramdam ko ay humihinto ang lahat ng organs ko. **"Ano ang ibig ninyong sabihin?"** mahinang tanong ko habang nagpapapalit-palit ng tingin sa magkapatid. **"Kilala ninyo na sila?"** hindi ko naitago ang inis.

Nasapo ni Sensui ang sariling noo at saka nagpaikot-ikot sa harap ko. Nasapo niya ang bibig at saka lumapit sa pader at paulit-ulit na sinuntok iyon. Nalilito pa rin ako bagaman may ideya nang namumuo sa isipan ko. Gusto ko pa ring magmula sa kaniya, sa kanila ang sagot sa mga tanong ko. Gusto kong masigurong tama ako base sa mga sasabihin pa nila.

"It's a long story, Pein, this is not the right time to talk about it," umiiyak na namang sabi ni Dein pero hindi ko siya nagawang lingunin. Nanatili akong nakatingin kay Sensui, unti-unti akong nadidismaya.

"Diyos ko, ano ba ang nangyayari sa pamilya natin!" bulalas ni Tita Lacey na dahan-dahang dumadausdos paupo sa tabi ng kama ni Dein. **"Ano ba ang ginawa natin para danasin natin ang ganitong klase nang pagpapahirap!"**

Pakiramdam ko ay nauupos ako. Bigla akong nanghina. Sunod-sunod ang naging pag-iling ko habang papayuko. Napapikit ako at napahilamos sa mukha ko. Nang magmulat ay naituon ko ang magkabila kong kamay sa kama ni Dein. Pakiramdam ko ay hindi ko kayang tumayo.

Nag-iwas ako ng tingin, nagtama ang paningin namin ni Chairman Enrile. Mababasa ang pag-aalala sa mukha niya, bukod doon ay may kung anong pakikiusap sa kaniyang mga mata. Pero hindi ko na malaman kung

ano ang gagawin ko. Nilalamon ako nang sobrang pag-iisip na siyang nakapagpapabagal sa kilos ko. Ang mga katotohanan ay pinipigilan akong makapag-isip nang ayos at tama.

Ang karamihan sa naroon ay nakayuko lang, halatang hindi na malaman kung ano ang sasabihin. Paniguradong gaya ko ay litong-lito sila sa dapat na gawin. Baka nga mas marami pa kesa sa akin ang laman ng kanilang isip.

"Hindi ba tayo maaaring humingi ng tulong sa mga pulis?" nakikiusap ang tinig ni Dean Enrile. Lalo akong nalumo.

"Hangga't nasa kanila ang mga bata, hindi tayo pwedeng magdesisyon. Posibleng mas lumala ito kung magbabasta-basta na lang tayo." Si Mokz ang sumagot. **"At isa pa, kapag nalaman nilang may kinalaman sa amin, hindi na sila kikilos pa."** Bumuntong-hininga siya. **"Nasisiguro ko rin na hindi magugustuhan ng mga Rewis kung ipararating natin ito sa kinauukulan."**

"Naiintindihan namin," sabat ni Chairman Enrile. **"Makikinig sa lahat ng inyong sasabihin. Salamat."**

Napatitig ako kay Mokz, makahulugan ang tingin na ibinigay niya sa akin. Para bang sa pamamagitan niyon ay sinasabi niya sa akin na ako na ang bahala sa lahat. Pero sa isip ko ay hindi ko alam kung paanong gagawin iyon ngayon. Masiyadong marami ang impormasyong nalaman ko ngayon at hindi ko kinakaya ang katotohanan ng mga iyon.

At aaminin kong may bahagi sa akin ang nadismaya ukol sa pagkatao ni Lovemir. Noon ko lang napagtanto na meron sa akin na umasa na mabuting tao nga siya. At handa siyang tulungan kami. Pero mukhang nagkamali ako. Nagkamali talaga ako.

"Where are you going, honey?" natinag ako sa boses ni Dein. Nilingon ko si Randall na noon ay parang pupuslit sa amin.

Natutuliro siyang ngumiti. **"I need to go to the comfort room,"** pinigilan niyang mautal. Nanliit ang mga mata ko sa pagtitig sa kaniya.

"May C.R. dito," turo ni Sensui.

"Ah, yeah," nalilito nitong sabi at saka nagdere-deretso do'n. Hindi ko inalis ang paningin kay Randall hanggang sa magsara siya ng pinto.

"The time is running, Maxpein," ani Heurt. **"We have to find the kids."**

"No." Nilingon ko siya. **"You have to do me a favor,"** pakiusap ko. **"You stay here."**

"But..."

"Please," bulong ko. Sabay kaming napabuntong-hininga. Nilingon ko si Mokz matapos niyon. **"You have to go home,"** tiningnan ko rin sina Maxwell, More at Maze. **"Iniwan ninyo ang Chairman at si Maxrill sa mansyon."** Inis akong nag-iwas ng tingin.

"Nagmamadali kaming pumunta dito dahil sa pag-aalala," dahilan ni Mokz.

"Ano na ang gagawin natin, Pein?" untag ni Dein. **"Tumatakbo ang oras, nasa kanila ang anak ko. Please, Pein? We need to do something!"**

"You must stay here--" Natigil ako sa sasabihin nang magmadaling lumabas ng C.R. si Randall at maagaw ang atensyon ko. Kunot-noo kong pinanood ang halos patakbo niyang pagdampot sa susi ko na hindi ko man lang namalayang nailapag ko sa kama ni Dein.

"Honey," natutulirong ani Dein. **"Honey, where are you going?"**

Nilingon kami ni Randall bago lumabas ng pinto. Nagtaka ang lahat sa hindi maipintang mukha niya. Sandali niyang tiningnan ang asawa bago nag-iwan ng makahulugang tingin sa akin. Napakilos ako at pilit na binasa ang hindi ko maintindihang sinasabi ng kaniyang mukha.

"I will find my brother and my son," mariing aniya at saka pabagsak na isinara ang pinto.

Naiwan akong nakamaang at nakatitig pa rin sa pinto. **"Mauuna na 'ko."** Tiningnan ko si Sensui. **"Bantayan mo ang pamilya mo."**

"Taguro," habol niya sa akmang pagtalikod ko. **"Sasama 'ko sa 'yo."**

"Ano? Hindi pwede."

"Bakit?"

"Sensui," tiningnan ko ang pamilya niya. **"Hindi ka pwedeng umalis dito."**

"Pero, Taguro..."

Nabasa ko ang takot nang tingalain ko siya. Ngumiti ako at tinapik ang braso niya. **"Alam kong kaya mo 'yan."**

Sandali pang namalagi ang pag-aalala sa mukha niya bago siya kinakitaan ng tapang. **"Kaya ko, oo. Pero mamamatay ako sa pag-iisip sa 'yo."**

"Kaya ko ang sarili ko. Walang mangyayari sa 'kin kaya dapat lang na maging maayos ka rin." Muli akong ngumiti para lumakas ang loob niya. **"Tandaan mo, hindi ka pwedeng masaktan at walang pwedeng**

mangyaring masama sa 'yo. Patakaran 'yan, Sensui. At ang patakaran ay sinusunod. Ang sinumang lumabag ay masasaktan."

Tumango siya at biglang yumakap sa 'kin. **"Bumalik kang ligtas, Taguro. Hihintayin kita."**

"Babalik ako."

"At sana ay kasama mo na sina Rhumzell at RD pagbalik mo," mahihimigan ang magkahalong pakikiusap at pag-aalala sa tinig niya.

Sa halip na sumagot ay niyakap ko na lang din siya. Naiintindihan ko ang takot nila bagaman iba 'yon sa takot na aking nararamdaman. Naaawa ako sa kanila, wala silang kalaban-laban. Hindi nila alam kung ano ang gagawin sapagkat hindi naman natural sa kanila ang ganitong bagay. Pero sa oras na 'yon ay wala akong ibang maisip kundi ang katotohanan sa likod ng pagkakakilanlan ko sa mga Rewis. Parang yelo ang mga impormasyong nalaman ko at ibinuhos sa 'kin mula sa ulo. Hanggang sa sandaling iyon ay hindi ko lubos na maunawaan ang lalim ng paghihiganti nila. Hindi ko rin matanggap na hindi ko nagawang hulaan ang mga bagay na 'yon.

La la la! I love unicorns. La la la la! Unicorns I love them! La la la! I love minions. La la la la! Minions I love them. [notepad]001010010101100

RANDALL'S POV

"HELLO?" sagot ko sa tawag ng hindi nakarehistrong numero.

"Kumusta ang pakiramdam mo?" nakaiinsultong tanong ng tinig ng isang lalaki. Sa tono niya ay masasabi kong nakangiti siya.

"Who is this?"

"It's me, Cargosin Rewis."

"What the hell do you want, Sin?"

"Easy." Tumawa siya nang malakas. Kumuyom ang mga palad ko sa galit. **"Ano ang pakiramdam mawalan ng taong mahal?"** Tumawa siya nang mas malakas pa. **"Huwag kang mag-alala sapagkat humihinga pa naman sila. Iyong anak mo nga ay dumedede pa."**

"I am going to kill you!" mariing singhal ko, iniiwasang may makarinig sa akin sa labas ng banyo.

"Remember that I have your brother and your son, Randall. Be careful with your words."

"I am warning you! Hurt them, and I swear I'm going to kill you, Cargosin!"

"Ooh, I am so scared, Randall," sarkastikong ungol niya. **"Pero habang nakatingin ako sa 'yo ngayon, habang nakikita ko ang**

desperasyon sa 'yong mukha, gusto kong matuwa."

Nanlaki ang aking mga mata at mabilis na naigala ang paningin ko sa kabuuan ng banyo. Kumabog sa kaba ang dibdib ko habang naghahanap ng ibang tao ro'n bukod sa akin. Ngunit wala akong nakita!

Tumawa na naman siya nang malakas dahilan para mas mapakapit ako sa telepono. **"Are you looking for me? I am everywhere, Randall, especially in places where no one can see me."** Sinagot niya ko siya nang sunod-sunod at malulutong na mura. Ginantihan niya naman ako nang mas malutong na pagtawa.

"Give them back to me, Cargosin!" gumagaralgal kong singhal.

"Why would I?" muli siyang humalakhak. **"If you want them back, get them. Hindi kami naghirap na dakpin sila para lang isauli dahil hinahanap mo na. Akala ko ba ay cum laude ka? Bakit parang napakatanga mo naman yata ngayon, Echavez?"**

"Why are you doing this?" pabulong ko pa ring singhal. **"Ano ang nagawa namin para gawin ninyo ito sa amin?"**

Suminghal siya nang pagbuntong-hininga. **"Face me, and I'll tell you everything."**

"Where are they?"

"They're with me, you don't have to worry. They're in good but dirty hands."

Gusto kong sumigaw sa galit pero kapag ginawa ko 'yon ay paniguradong papasukin nila ako dito. **"Sabihin mo sa 'kin kung ano ang gusto mong mangyari, Cargosin. I will do everything just to have them back."**

"Bumaba ka, may makikita kang itim na sasakyan sa madilim na gawi ng parking lot. Sundan mo lang iyon. Dadalhin ka niyon kung nasaan ako, ang kapatid at ang anak mo."

Natigilan ako. *Alam nilang nandito kami? Kung gano'n ay binabantayan nila ang kilos namin?* Kunot na kunot ang noo ko sa sobrang pag-iisip. *Kailan pa sila nandito? Ano ang mga nakita nila? Bullshit!*

"Ikaw lang, huwag kang magsasama nang iba," banta niya.

"Masusunod."

"Okay. *Gracias. Ciao!*" dagdag niya at saka ibinaba ang linya.

"Cagosin!" impit na singhal ko, umaasang naroon pa siya. Pero nabigo ako. **"Damn it!"** halos madurog ko ang telepono sa galit.

Tiningnan ko ang sarili sa salamin, pulos galit ang nababasa ko sa kabuuan ng mukha ko. Maging ang galit na nararamdaman ko ay

nagkukumawala na sa aking katawan. Kailangan ko silang makita.

Inaasahan ko nang si Maxpein ang unang makakapansin sa biglaang pagbabago ng kilos ko. Pero sa halip na magsinungaling ay wala akong sinagot na tanong kung saan ako tutungo. Iniwan ko nang makahulugang tingin si Pein at saka ako lumabas ng kwarto. Nagmadali akong bumaba at sumakay sa motor ni Pein.

Gaya nang sinabi ni Cargosin ay biglang nagsindi ng ilaw ang itim na sasakyan sa madilim na bahagi ng parking lot. Gusto kong mabaliw nang makita kung gaano kapamilyar sa 'kin ang sasakyang iyon ngunit hindi ko matukoy kung kailan ko nakita.

Hinayaan ko itong mauna, agad naman akong sumunod. Pagdating sa kanto ay agad itong kumanan at mukhang batid ko nang sa tahimik na parte ng Laguna ang punta namin. Humarurot ang itim na sasakyan, pinaharurot ko rin ang motor. At sa isip ko ay naghahalo ang takot at galit, hindi ko na alam kung alin ang nakalalamang. Sa sandaling iyon ay wala akong tanging hiling kundi ang maibalik ang kapatid at anak ko. At malaman ang kanilang dahilan para gawin ito.

Sinubukan kong habulin ang itim na sasakyan pero kakatwang hindi ko iyon mapantayan. Sobrang bilis! Napakahusay umiwas upang manguna sa ibang humaharurot na sasakyan. Maging ang kabilang linya ay nagagamit na nila, maging ako habang sumusunod. Kung pumunta sa kanan at kaliwa ay animong walang makakasalubong o mababanggang sasakyan. Tuloy ay mas nahirapan akong sundan sila. Pero kung si Pein mismo ang nagpapaandar sa motor niyang ito, paniguradong kapantay lang naming itong tumakbo.

Dumeretso lang sila nang dumeretso, sumunod lang ako nang sumunod. Dumaan kami sa highway at mayamaya lang ay nasa express way na kami. Dahil malalim na ang gabi ay walang mga naka-standby na pulis para hulihin kami dahil sa sobrang pagpapaandar nang mabilis.

Nang muli kaming pumasok sa highway ay sandaling bumagal ang pag-andar nila. Halos magpang-abot kami habang dumadaan sa tunnel. At mayamaya nga lang ay lumiko na papasok sa parking lot ang itim na sasakyan. Malayo pa lang ay tinanaw ko na ang gusali kung saan naroon ang parking lot. Madilim iyon at mukhang abandonado.

Padulas kong inihinto sa harap niyon ang motor at saka ako nagmamadaling bumaba. Ini-lock ko ang motor at saka ako patakbong lumapit sa daan papasok sa parking lot. Pero gano'n na lang ang kagustuhan

kong magwala matapos nila akong pagbabaan ng bakal na rollershutter garage gate. Sinipa ko iyon sa galit ko at pinanood iyong unti-unting bumukas pataas.

Ngunit ganoon na lang ang panlulumo ko nang makita kung gaano kataas daang aakyatin ko bago tuluyang makarating sa 'taas. Nilingon ko ang motor pero hindi ko 'yon pwedeng dalhin. Iyon na lang ang pwede kong iwang tanda kung nasaan ako.

Bumuwelo ako paatras at saka pwersadong tumakbo paakyat at saka lang ako huminto nang marating ko na ang tuktok. Ganoon na lang kalalim at kabilis ang paghahabol ko ng hininga habang iginagala ang aking paningin. May kadiliman ang parking lot, wala sa sampu ang sasakyang nakikita ko at magkakahiwalay pa. May puti na van sa bukana, dalawang itim na sasakyan sa kaliwa't kanan ko may tatlong parking space sa pagitan, at sa bandang dulo ng lugar ay may ilang motor na nakahilera.

Nakakapraning ang lugar, lalo na ang mga sementong poste na pundasyon. Pakiramdam ko kasi ay may mga nagtatagong tao sa likod niyon na handang umatake sa 'kin anumang oras. Pagod na ako, mas pinapagod pa ako nang sobrang pag-aalala at galit. Pero para sa kapatid at anak ko ay lalaban ako kahit na ano ang mangyari. Kailangan ko silang makuha pabalik.

Naglakad ako habang nakikiramdam. Deretso ang aking tingin pero alisto ako sa magkabilang gilid ng aking paningin. Sa dulo ng parking lot ay may mataas na trailer, na may bakal at makipot na hagdan. Sa ilalim naman ng hagdan ay may cyclone fence na gate, nakabukas iyon ngunit tanging dilim ang makikita.

Inilabas ko ang telepono at sinubukang tawagan si Cargosin. **"Nandito na ako,"** sabi ko nang sagutin niya ang kabilang linya. **"Nasaan ang anak ko?"**

"Nakasisiguro ka bang nasa tamang lugar ka, Randall?"

Napamura ako. **"Sinundan ko ang sasakyang sinabi mo! Nakikita ko ngayon kung saan naka-park ang sasakyang 'yon!"**

Tumawa siya. **"Kumalma ka. Hindi ka bubuhayin ng galit--"** Hindi niya naipagpatuloy ang sasabihin nang kusang maputol ang linya.

Nang tingnan ko ang cellphone ay patay na iyon. Napamura ako sa isip at basta na lang naibato ang telepono. Napaupo ako sa aking tuhod sa kawalan ng pag-asa. Galit na galit ako pero patuloy sa pag-agos ang aking mga luha. Kahit anong lingon ko sa kanan at kaliwa ay wala akong tao na makita.

Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko. Gusto ko nang mahawakan ang kapatid at anak ko pero mukhang nananadya ang mga taong ito. Pinatatagal nila ang takot ko.

Ngunit ganoon na lang ulit ang gulat ko nang may pares ng paa na maglakad papalapit sa akin. Natuon doon ang paningin ko hanggang sa tuluyan iyong makalapit. Naka-boots at itim na pants, nakikita ko rin nang harapan ang mahaba nitong coat na lampas tuhod at kulay tsokolate. Dahan-dahan akong nag-angat ng tingin at nagtama ang paningin namin ni Cargosin.

Ngumisi siya sa 'kin, binuhay niyon lalo ang galit ko. Dagli akong tumayo at bigla ring napaatras dahil sa hindi inaasahan niyang pagsapak sa 'kin. Mabilis akong nahilo pero agad ding bumawi para lingunin siya.

"Isa kang inutil, Randall," gilalas niya.

Nagtiim ang bagang ko. **"Insultuhin mo na 'ko sa lahat ng paraang gusto mo, ibalik mo lang sa 'kin ang anak ko!"** singhal ko at akmang gaganti pero mas mabilis pa sa hangin siyang nakaatras.

Muli siyang ngumisi. **"Pagdusahan mo ang pagbawi sa kanila, ibibigay ko sila nang walang kahirap-hirap."**

Pasigaw ko siyang minura. **"Nasaan ang anak ko!"**

"Narinig mo ang sinabi ko, Randall. Wala kang ibang gagawin kundi ang magpaalipin sa akin." Mabilis na napalitan nang galit ang nakangisi niyang mukha.

Sumipol siya at sa isang iglap ay may mga lalaking nagsipagtalunan mula sa hagdan, mula sa trailer na nasa itaas ng aking kinauupuan kanina lang. Agad akong napaatras papunta sa gawing kaliwa ko at hinarap sila. Pawang mga nakamaong na pantalon, may mga suot na jacket at itim na t-shirt sa loob. Ang ilan ay may suot pang bonnet habang ang iba naman ay nakasuot ng jacket na may hood. Lahat sila ay may hawak na baseball bat.

Nagugulat at galit kong nilingon si Cargosin, nakangisi na naman siya sa 'kin habang patuloy na umaatras. Tumitig siya sa 'kin nang may pagmamalaki at saka iniangat ang kamay at parang bata na kumaway.

"Galingan mo," nagbabanta ang tinig niya. **"Tutal, wala namang mahirap sa iyo, hindi ba, Randall Echavez?"** binanggit niya ang pangalan ko nang buong-buo, bawat letra ay parang dumaan sa labi niya. **"Pahirapan niyo na iyan!"** anunsyo niya.

Agad na nagsipaglapitan ang grupo ng kalalakihan sa akin. Mga nakangisi at paulit-ulit na pinantatapik ang bat sa kanilang mga palad.

Patuloy ako sa pag-atras, humilera naman ang lima at sabay-sabay na naglakad papalapit sa 'kin. Nang makahanap ng tiyempo ay patakbong sumugod ang isa! Yumuko ako upang ilagan siya at ang isang paparating pa ang sinapak ko. Pero ang ikatlo ay patalon akong sinipa sa mukha dahilan para maatrasan ko ang ikalawa na agad na tumulak sa 'kin. Hinarap ko ang ikaapat at dalawang beses na nasapak. Nang makailag ay sinalubong ako ng ikalima at siya ang nakabawi ng suntok sa 'kin.

Iyon lang ang naging laban ko dahil parang nalalapnos ang balat ko nang maramdaman ko ang paghampas nila ng bat sa iba't ibang parte ng katawan ko. Hindi pa man tumatagal ang laban ay napaluhod na ako na parang nauupos na kandila. May tama ako sa binti, hita, likod at ang nakapagpahilo sa akin, ang tama ko sa leeg. Napadapa ako sa malamig na semento at naliliyong pinanood ang pares ng mga paang papalapit sa gawi ko. Nalalasahan at nararamdaman ko na ang mga dugong tumutulo mula sa bibig at tainga ko.

Huminto ang isang pares ng paa, si Cargosin, sa harap ko at dinampot ako mula sa kwelyo. **"Gagawin mo ang lahat, hindi ba? Iyan pa lang, bakit mukhang hindi mo na kaya?"** nakangisi niyang tanong.

"Bakit...ninyo ginagawa 'to?" gusto kong isigaw ang tanong na 'yon pero napipigilan ako nang panghihina ko.

"Wala ka pa ring kaide-ideya, Randall?"

"Nasaan ang anak at kapatid ko!" parang naubos nang pagsigaw ang lakas ko.

Tumiim ang mukha niya. **"Ang anak mo,"** galit niyang sabi. Humahangos akong tumitig sa kaniya. **"Ang anak mo ang dahilan kung bakit namatay ang nanay ko!"** 'tsaka niya ako ibinato papahiga at saka sinipa nang sinipa.

Wala akong nagawa kundi ang isangga ang magkabila kong braso sa parte ng katawan kong tinatamaan niya nang paulit-ulit. Hindi ko na maramdaman ang sakit dahil gano'n kabilis akong namanhid. Wala akong maramdaman sa labas ng aking katawan dahil ang lahat ay nasa loob, galit at takot para sa kalagayan ng anak at kapatid ko.

"Nagmakaawa kami, Randall," nakangisi ngunit galit niyang sinabi. **"Nakiusap kami nang ayos, sa doktor at Chairman Enrile na 'yon! Mierda!"** biglang sumabog ang galit niya at pinagsisipa ako sa ulo!

Wala na halos akong makita nang ayos sa sobrang pagkahilo. Paikot-ikot na ang paningin ko at naririnig ko na ang malakas na paghinga maging ang

tibok ng puso ko. Anumang oras ay papanawan ako ng malay rito.

Naupo siya sa harap ko, ipinatong ang kaliwang siko sa tuhod. **"Batang-bata pa ako noon nang iwan ako ng nanay ko,"** bigla siyang nagkwento nang nakangisi, nang nakatingala sa kung saan na animong binabalikan ang nakaraan. **"Ang sabi niya ay babalikan niya ako. Naghintay ako. Naghintay ako! Pero mierda! Walang dumating."** Nagtiim na naman ang bagang niya. **"Naransan kong magpalaboy-laboy sa kalsada, gutom at walang makain! Nilalamig ngunit walang masilungan! Nauuhaw ngunit walang pamatid-uhaw! Doon ako sinagip ng Tahanan. Sila ang una kong naging kanlungan. Binuhay nila ako at tinuruan, bagay na napakahalaga para sa akin. At sa pagdaan ng panahon? Dumating ang anghel na hindi ko hiniling o ni inasahan. Ang siyang tatayo bilang ikalawa kong magulang, si Doña Felicidad."**

"Ano ang kinalaman ng anak ko ro'n!" muling bulalas ko matapos mag-ipon nang kaunting lakas.

Tinampal-tampal niya ang mukha ko. **"Pinili ng bastardong doktor na iyon na unahin ang asawa mong manganganak kaysa sa nanay kong nag-aagaw buhay--iyon ang kinalaman ng anak mo ro'n!"**

Gano'n na lang ang gulat ko. Natigilan ako at napatitig sa kaniya. *Iyon lang 'yon?* Hindi ko nais maliitin ang ikinamatay ng kaniyang ina pero hindi sapat na dahilan 'yon para gawin nila 'to sa 'min. Wala akong kaalam-alam, ni ideya ay wala ako. At hindi ko alam kung paano sasagutin ang ganitong klaseng bagay, ni hindi ko alam kung ano ang dapat kong sabihin.

"Maayos, Randall, maayos kaming nakiusap," pagpapaintindi niya sa akin. **"Pero ang maayos na pakiusap ay ganoon kadaling tinalikuran ni Chairman Enrile. Napakabilis niyang napagdesisyunang unahin ang iyong asawa at bale-walain ang ina. Ganoon kabilis, ganoon kadali,"** mariing dagdag niya.

"Cargosin..."

"Isang buhay ang nawala sa amin. Isang buhay ang nadagdag sa inyo." Dinutdut niya nang paulit-ulit ang dibdib at sentido ko. **"Ngunit ikinalulungkot ko, kailangang mawalan tayong pareho."**

"Hindi!" gilalas ko. Sinikap kong tumayo, kahit pumalya-palya ako. Mahilo-hilo akong bumangon at galit siyang dinuro. **"Wala kang gagawin sa anak at kapatid ko dahil isinusumpa ko, magkakamatayan tayo dito!"**

"Mauuna ka nga lang." Nagtiim na naman ang kaniyang bagang at saka sumenyas sa mga tauhan na muli akong sugurin.

Sinangga ko ang unang bat na akmang hahampas sa 'kin. Nagdulot iyon nang nananalaytay na sakit sa buong braso ko pero hindi ako nagpaapekto. Ang unang lalaki na makaharap ko ay patalon kong sinipa at pinatid 'tsaka dinagukan sa mukha. May sumugod na panibago at nahagip ako sa mukha, pero pagharap ko ay sinalubong ko siya ng tadyak at sipa. Siniko ko ang lalamunan nito at agad na natumba. Pero ang hindi ko inaasahan ay ang traydor nilang kasamahan na sinugod ako at hinampas nang malakas mula sa likuran.

Padapa akong tumumba. Naramdaman ko pang pumutok ang labi ko sa sobrang lakas at tumatalbog na pagkakahampas ko sa semento. May matining na ingay na sa aking tainga, ang paningin ko ay nagkukulang na.

Naramdaman ko nang may dumaklot sa buhok ko, si Cargosin ang dinapuan ng maliit nang paningin ko. **"Wala kang kwenta, Randall. Hindi man lang ako nasisiyahan sa ganitong uri ng labanan."** Nabasa ko ang pekeng pag-aalala sa mukha niya. **"Gusto mong marinig ang iyong anak?"**

"Nasa'n...ang...anak...ko?" hirap na hirap kong usal.

Ngumisi siya at mula sa bulsa ay naglabas ng telepono. Sandali siyang nag-dial doon at nakatingin sa 'kin habang nakikinig doon. Dahil sa katahimikan ay naririnig ko ang mahinang ring mula sa kabilang linya.

"*Hello?*" tinig ng babae.

"Gustong marinig ni Randall ang atungal ng kaniyang paslit," nakangising ani Cargosin. Sinubukan kong pumalag upang agawin sa kaniya ang telepono. Ngunit dahil sabu-sabunot niya pa rin ako ay nagawa niya akong ihampas sa semento.

"*Paano kong paiiyakin ito, Cargosin?*" naaasar ang tinig ng maarteng babae sa kabilang linya.

"Hampasin mo! Kurutin mo! Alugin mo! Lahat ay gawin mo para marinig ko ang pag-atungal ng bastardong iyan! Tonta!" galit niyang singhal at sa isang iglap nga ay narinig ko ang pag-iyak ni RD.

Tahimik akong naluha! Nagkakawag ang mga paa ko sa pagpupumiglas. Gusto kong magalit sa sinabi ni Cargosin, gusto kong magwala. Gusto ko siyang hilahin at pagsusuntukin pero wala akong nagawa. Galit niya iyong sinabi at walang awa. Wala pa man ay nararamdaman ko na ang sakit para sa aking anak.

"Hayop ka! Hayop ka..," umiiyak kong sigaw. **"Hayop ka!"**

Ngumisi siya sa akin at ilang beses pang tumawa bago ibinaba ang linya. Pero kahit na gano'n ay naririnig ko pa rin ang pag-iyak ni RD. Iyong iyak na hindi ko kayang tiisin, lalo na ni Dein. Iyong iyak na kapag naririnig namin ay nagkakandarapa na kami sa pagtakbo para tingnan ang anak namin.

"Papatayin kita..," hirap na hirap at lumuluha kong banta. **"Papatayin kita! Demonyo ka!"**

"Wala kang magagawa, mahina ka," aniya na idinuldol ang mga salita sa aking mukha. **"Mamamatay ka rito nang walang kahirap-hirap. Kahit magmakaawa ka sa paghingi ng tulong ay walang lalapit sa iyo. Sumigaw ka hangga't gusto mo, hangga't kaya mo, dahil walang makaririnig sa iyo rito."** Muli siyang ngumisi bagaman ang galit ay naroon pa rin sa kaniyang mga mata. **"Walang makakakita sa iyo rito, tanging ang mga langaw, lamok, langgam at uod lang, Randall. Sila ang iyong magiging katuwang sa pagpanaw. At ang anak mo? Dadalhin ko at gagawing tulad ko--"**

"Hindi! Hinding-hindi ko hahayaang may gawin... kayong masama sa anak ko! Papatayin kita, C-Cargosin!"

"Ipagsigawan mo na iyan nang todo dahil bilang na ang nalalabing oras mo, Randall. Mamamatay ako, oo. Pero hindi ngayon, at mas lalong hindi ikaw ang makagagawa niyon. Bantaan mo ako hangga't gusto mo dahil hanggang doon na lang ang magagawa mo. Hahaha!" Tumawa siya nang tumawa na siyang lalong bumuhay sa galit kong walang magawa.

"Papatayin kita...papatayin kita," paulit-ulit kong bulong, hirap na hirap.

"Sige lang, Randall. Magsalita ka nang magsalita. Ikaw mismo ang umubos sa lakas mo. Walang makakakita sa iyo rito. Ang tanging makakaalam sa paraan nang pagkamatay mo ay ako, ikaw at ang mga tao ko. Bukod sa atin ay wala na. Iiyak na lang ang iyong pamilya at ililibing ka."

"Mga demon...yo kayo."

"Sabihin mo lang ang lahat nang gusto mo, Randall. Sige!" Tumawa na naman siya sa paraang nagiging demonsyo siya sa paningin at pandinig ko.

"Hayop ka!" Bigla akong tumayo at pahablot na inalis ang kamay niya sa buhok ko. Hinila ko siya papalapit at nakasapak ako.

Nahinto siya at pinunasan ang sariling labi. Nang may makitang likido roon ay 'tsaka niya ako tiningnan nang nakangisi. Hanggang sa ang ngising iyon ay mabura nang unti-unti at siya naman ang sumugod sa 'kin. Agad niyang natadyakan ang magkabila kong tuhod dahilan para muli akong bumagsak paluhod.

Hinawakan niya ako sa baba at sapilitang itiningala. Sa ganoong posisyon niya ako sinapak nang sinapak hanggang sa ako mismo ang makaramdam nang pamamaha ng aking mukha.

Nang tigilan niya ako ay dumura lang ako at muli siyang tiningnan. **"Pa...patayin... kita!"** pasigaw kong banta.

"Sige pa!"

"Hayop ka! Pa...patayin...kita!" Sinikap kong muling sumugod ngunit agad siyang umikot at sinalubong ako ng sipa! Bumagsak ako at kung hindi ko nagawang imulat agad ang aking mga mata ay baka wala nawalan na ako ng malay.

Muli siyang lumuhod at hinawakan ako sa panga nang pagkadiin-diin. **"Sa tingin mo ba ay may makaririnig sa iyo rito? Wala, Randall! Wala! Kahit patayin kita ay walang makakita sa iyo rito! Magagawa ka naming patayin sa paraang gusto namin dahil walang makaririnig sa iyo rito! Gago!"**

"At paano kung...meron?" matalim ang tingin kong tugon.

Natigilan siya at nanlisik ang mga mata. **"Sino?"**

"Ako," mula sa likuran ang sumagot sa tanong ko.

Sa gulat ay agad na napalingon si Cargosin ngunit lalo siyang nagulat nang malakas na sipa ang sumalubong sa kaniya! *Si Maxpein!* Akma siyang tatayo nang mula sa itaas ay sipain nitong pababa ang kaliwang balikat niya dahilan para muli siyang mapaupo. At nang subukan niya muling tumayo ay huli na ang lahat dahil nakaikot na si Pein at muli siyang sinalubong nang napakalakas na sipa sa mukha!

At hindi ito doon nakontento dahil ginawa nitong patungan sa ulo si Cargosin at pinagsisipa ang mga tauhan niyang papasugod na sa gawi namin.

Nang bitiwan siya ni Pein ay nakita ko kung paano nitong iniligan ang papasugod na lalaki at tuhurin sa tiyan kasabay nang pagdagok sa likuran. Bago pa man maihulog nito ang hawak na bat ay nasalo na iyon ni Pein at

isinangga sa panibagong susugod. Nakipag-espadahan si Maxpein gamit ang baseball bat. Gusto kong mabuhayan dahil harap-harapan kong nakikita kung gaano kadali para sa kaniyang patumbahin ang higit sa limang lalaki.

Kakatwang ilang beses nila akong hinampas ng bat, bagaman nahihilo ay gising pa rin ako. Samantalang ang mga tauhan ni Cargosin, tamaan lang nang minsan ni Maxpein ay tulog na at hindi na nakakabangon.

Sa isang iglap ay si Pein na lang at si Cargosin ang nakatayo. **"Ngayon pa lang ay sasabihin ko na sa 'yo,"** ani Pein sa seryosong paraan. **"Walang puwang sa 'kin ang awa sa oras na 'to."**

"Nandito ka naman para magyabang!" singhal ni Cargosin.

"Ilabas mo ang mga bata," walang takot na utos ni Pein.

"Ano ako, aso? Hindi ako sunud-sunuran sa 'yo, Maxpein!" galit na sigaw ni Cargosin at saka ngumisi. **"Sa ngayon ay nagagawa mo pang magyabang dahil wala ka pang nalalaman. Gusto kong makita kang magulat kapag nalaman mo na ang mga katotohanan,"** nanlalaki ang mga matang aniya pa. **"Umaasta kang maraming nalalaman? Ang totoo ay kakaunti lang ang iyon alam. Samantalang nagawa ko nang pag-aralan ang iyong katauhan!"**

"Hindi ako nagpunta dito para makipagpatalinuhan sa 'yo, Lucargo Pecado." Hindi ko maintindihan kung bakit tinawag ito ni Maxpein sa ibang pangalan. Nagugulat kong nilingon si Cargosin, nawala ang kaninang nakakabaliw na ngisi sa mukha nito. **"Dahil kung gano'n din lang ang labanan dito, eh, di sana ay nag-review ako?"** nakangising dagdag niya.

Matagal bago nagawang gumanti ng ngisi ni Cargosin. **"Bakit mukhang nakapag-advance reading ka na?"** makahulugan nitong tugon.

Tumawa si Maxpein. **"Leakage ang tawag diyan."**

Hindi ko maintindihan kung bakit gano'n sila kung mag-usap. Makahulugan. Animong nag-aasaran gamit ang mga salitang mariin nilang sinasabi.

"'Wag ka nang maraming dada!" singhal ni Cargosin, agad na nawala ang pagiging sarkastiko.

"Kung gano'n ay ilabas mo na ang mga bata."

Ngumising muli si Cargosin at itinaas ang kaliwang kamay. Tiningala ko si Pein, hindi man lang niya inaaalis ang paningin sa kaharap na lalaki. Nang pumitik si Sin ay 'tsaka ko sinikap na makatay. Nangibabaw ang tunog nang sasakyan na animong pinag-iinit ang makina. Paulit-ulit, palakas nang palakas.

"Ilabas mo ang mga bata," pag-uulit ni Pein sa tinig na nauubusan na ng pasensya.

"Heto na," ani Cargosin at saka lumingon sa tagiliran niya. Sa madilim na gawi ng parking lot kung saan ako nagmula. Sa daan pataas, sa bukana.

Bumukas ang ilaw ng sasakyan at tumambad sa akin ang kapatid ko na siyang may karga sa aking anak. Parang dinurog ang puso ko nang makita ko silang nakagapos sa mismong bumper ng sasakyan. Parehong umiiyak at inosente sa dapat na gawin.

"Ngayon mo sabihin sa akin, Maxpein. Paano mong ililigtas ang dalawang batang kumakaway na sa pinto ng langit?" ani Cargosin. Hindi nagawang sumagot ni Pein dahil ang paningin niya ay napako sa dalawang bata. Tulad ko ay hindi siya makapaniwala.

"Hayop ka!" sigaw ko nang paulit-ulit kay Cargosin pero hindi niya ako pinansin.

"Ano ang gagawin mo, Maxpein Moon?" ito ang binalingan ni Sin. **"Ano ang gagawin mo?"**

Luhaan akong tumingin kay Pein na noon ay nananatili pa ring nakatingin sa dalawang bata. Tiim ang mga bagang, matalim ang tingin at kuyom na kuyom ang mga palad.

~To Be Continued. . . ~

OceanofPDF.com

CHAPTER 216

CHAPTER 216
SIN'S POV

NGUMISI SIYA. **"Hindi ko ugaling magsabi kung ano ang laman ng isip ko, Cargosin. Pero hindi ko nagustuhan ang ginawa mo sa kaibigan ko, lalo na sa mga bata."** Tumiim ang kaniyang mukha.

"Mukha nga," nakangisi ko ring tugon. **"Nangingilid na ang iyong mga luha at hindi ko malaman kung dahil ba iyan sa galit sa akin, o awa para sa mga bata."**

Nakita ko kung paanong nagtiim ang bagang niya. Ang paningin niya sa akin ay lalong tumalim. Pero hindi ko magawang matakot dahil lalo akong natatawa. Muli niyang nilingon ang mga bata, gusto ko siyang kwestiyonin nang mabasa ko ro'n ang awa dahil salungat iyon sa kayabangan niya kanina.

Nagtaas ako ng noo, nagmamalaki nang todo. **"Panimula pa lang iyan, Maxpein Moon. Maghuhurumintado ka sa mga kasunod. Ngayon kung wala kang planong iligtas ang mga bata ay hayaan mong paunlakan ko ang pagbisita mo."** Itinaas ko ang aking kamay at saka pumitik ng dalawang beses.

Nanatili kaming nakatingin sa isa't isa, nakangisi ako habang siya ay hindi kakitaan ng anumang ekspresyon sa mukha. Nang walang pagbabago ay muli akong pumitik. Nang wala pa ring lumabas sa mga tao ko ay aligaga akong lumingon sa aking paligid.

Sinabi nang sa isang pitik ko ay kailangan na nilang lumabas! Lintik!

"May hinahanap ka, Cargosin?" seryosong tanong ni Maxpein Moon.

Nagugulat akong lumingon sa kaniya. *Ano'ng...ano ang ginawa niya sa mga tauhan ko?* Nangunot nang todo ang aking noo at saka nagpatuloy sa paglingon sa kabuuan ng lugar na iyon pero walang lumalabas. Nakahanda ang bawat tauhan namin sa madidilim na parte ng parking lot. Nanonood at naghihintay ng aking hudyat sa kanilang pagsugod. Ngunit ni isa sa mga iyon ay hindi ko alam kung nasaan ngayon.

Tiningnan ko siya, at gusto kong kilabutan nang mabasa ang matinding galit sa kaniyang mga mata. Kuyom na kuyom ang mga palad niya at ang mga paa ay tila handang-handa nang sumugod sa akin.

"Ano ang ginawa mo sa mga tauhan ko?" Itinago ko nang pilit ang panggigigil.

"Kailangan ko pa bang idetalye sa 'yo?" seryoso niyang tugon.

Matagal bago ako nakatugon. **"Bilib naman talaga ako sa iyo. Napakahusay mo."**

"Mahirap 'yang itanggi," walang emosyon niyang sabi.

Lalo akong ngumisi. **"At inaasahan mong mas matutuwa ako dahil ganoon ang ginawa mo?"**

Umiling siya nang nakangiwi. **"Walang matutuwa kapag tahimik na itinumba ang mga tao niya, Cargosin."** Bumuntong-hininga siya, nilingon ang madidilim na parte ng lugar na iyon bago muling tumingin sa 'kin. **"Sa susunod ay asahan mo nang ganoon ang mangyayari sa kung sinumang humarang sa daraanan ko."**

"Nakakabilib lang na wala akong narinig na kahit anong ingay."

"Masanay ka na. Kumikilos ako sa mga oras na hindi mo inaasahan. Masyado kang abala kaya wala kang naramdaman."

Ngumisi ako at nagsimulang magpalakad-lakad sa harapan niya. **"Hindi ko malilimutan kung paanong naging ganoon kadali para sa iyong sugurin ang umuulang mga bala para lamang mailigtas si Chairman Enrile."** Nanuot sa alaala ko ang sandaling iyon. **"Hindi ko man lamang naisip na may kakaibang katauhan ang taong iyon, na siya ring kaharap ko ngayon."** Nilingon ko siya at hindi man lang nagbago ang seryoso niyang mukha. **"Hanga ako sa lakas ng loob mo, Maxpein Moon. Aminado akong hindi ganoon kadali na tumbasan ang lakas, galing at ang iyong bilis. Matalino ako kaya naisip kong may kahinaan ka rin, at ginamit ko ang katalinuhan kong iyon para pahirapan ka ngayon."** Saka ako humalakhak. **"Ano ngayon ang gagawin mo para maisalba ang buhay ng mga batang ito?"**

Hindi siya nakasagot dahilan para lalo akong mapangiti habang nakatingin sa kaniya. Sa ganoong paraan kasi ay nadaragdagan ang tuwa ko dahil nakikita kong lalo siyang nagagalit. Pero natinag ako nang maramdaman kong may humawak sa paa ko. Nang magbaba ako ay naroon ang hirap na hirap na gumapang na si Randall. Mababasa ang matinding

pagsusumamo at pagmamakaawa sa mukha niya. Ngunit gaya ni Maxpein Moon ay nginisihan ko lang siya at saka ko siya tinadyakan.

"Parang awa mo na, Cargosin!" lumuluhang sigaw ni Randall bagaman mahihimigan pa rin ang galit. **"'Wag mong idamay dito ang mga bata!"**

"Mukhang nakabawi ka na sa hirap at panghihina kahit papaano, ano, Randall?" nakangisi kong tugon.

Nilingon ko ang dalawang bata, gano'n na rin sina Christian at Eerah Anitha na nakasakay sa sasakyan kung saan nakagapos ang mga ito. Tumango ako na naging hudyat sa sabay nilang pagbaba.

Bahagyang iginilid ni Maxpein ang mukha, sa ganoong paraan binati ang presensya ng dalawa. Tumingin na naman siya sa akin matapos niyon. Seryosong-seryoso siya, walang mababasang emosyon sa kaniyang mukha.

"Hindi mo na ba kayang magyabang kaya puro pananahimik ka na lang?" napapangisi na ako hindi ko pa man natatapos ang tanong. **"Nakita mo na't lahat ang mga bata, wala ka pa ring ginagawa. Diyan ako hindi nasanay, Maxpein."**

"Kuya!" humahagulgol na sumigaw ang nakababatang kapatid ni Randall at kasabay niyon ay nangibabaw bigla ang nakabibinging pag-iyak ng paslit na bitbit nito.

Sabay-sabay kaming napalingon sa dalawang bata. Kaunti na lang ay mabibitawan na ni Rhumzell si RD. Mahuhulog na ang paslit at una ang ulo.

Napakilos si Maxpein papaharap sa mga ito. Ngunit hindi niya pa rin malaman kung ano ang gagawin. Nangunot ang noo niya pero awa ang mababasa sa mga mata niya. Ang bibig niya ay kumikibot-kibot pero hindi bumubuka para magsambit ng salita.

"Cargosin, nakikiusap ako sa 'yo!" Hindi ko napansing unti-unti nang nakakabangon si Randall bagaman hindi pa rin magawang tumayo para lumapit sa 'kin. **"Pakawalan mo ang dalawang bata! Ako na lang!"**

"Gunggong," pabulong kong singhal.

Kung pakakawalan ko ang dalawang iyan at haharapin ko kayong pareho ni Maxpein, ano sa tingin mo ang aking laban? Inutil!

Sa halip na sagutin siya ay hinarap ko si Maxpein na noon ay nakatanaw pa rin sa dalawang bata. **"Ano ang gagawin mo, Maxpein Moon?"** Tiningnan niya ako, ngumisi naman ako.

"Pakawalan mo ang dalawang bata." Hindi ako makaramdam ng takot sa paraan niya ng pag-uutos. Wala man lamang himig pakikiusap sapagkat nandoon ang awtorisadong tono.

Umiiling akong humalakhak. **"Hindi mo talaga naiintindihan nang lubusan ang aming pakay para gawin ito, ano? Kung ganoon kadali kong ibibigay ang mga bata, ano pa ang saysay nang paghihirap naming makuha sila?"** sinabi ko iyon sa paraan na para bang pilit ko iyong ipinaiintindi sa kaniya. **"Pinaghirapan naming dakipin ang mga iyan, kaya paghirapan ninyong bawiin!"**

"Cargosin, nakikiusap ako sa 'yo! Gagawin ko ang lahat!" Isinigaw niya iyon sa pagitan nang pag-ubo.

Naupo ako sa harap niya at dinakma siya sa panga. **"Simple lang ang sinabi ko sa iyo kanina, hindi mo pa nagawa. Ngayon ay sinasabi mong gagawin mo ang lahat? Hangal!"** pabato ko siyang binitiwan. **"Sinabi kong huwag kang magsasama, hindi ka nadala sa banta!"**

"Please, let them go!" pasigaw niya uling utos.

Doon ko na hindi napigilan ang galit. Kung mag-utos at makiusap sila ay para bang ganoon nila kami kadaling mapasusunod. At sa paraan nang pagkakatitig sa akin ni Maxpein ay para bang pinagbibigyan niya lang ako sa ganitong sitwasyon dahil paniguradong pahihirapan niya na naman ako kapag nagsimula na siyang kumilos. At lalo akong nagagalit dahil sa naiisip kong iyon. Gayong nararamdaman ko pa sa mukha at magkabilang balikat ko ang sakit nang pagkakasipa niya sa akin kanina lang.

"Naririndi na ako sa kaiiyak ng mga batang ito, Cargosin!" ani Eerah. Nakangisi ko naman siyang nilingon. Alam ko kasing sa ganoong paraan niya ginigipit si Randall, lalo na si Maxpein. **"I don't like kids, especially when they're crying!"** dagdag niya at saka hinugot mula sa likuran ang dalawang tanto niya at walang ano-ano ay tinagpas ang lubid na nasa gawing harapan niya at siya ring umaalalay sa pagkakagapos ng dalawang bata!

"No!" agad na palahaw ni Randall.

Nahulog si Rhumzell at kahanga-hangang sa murang edad niya ay nakapag-isip siya ng paraan para maiharang ang sarili at huwag masaktan ang paslit niyang pamangkin. Kailangang magpasalamat nina Randall at Maxpein sa akin dahil masiyadong mababa ang bumper dahilan para hindi masaktan ang dalawang bata, kompara sa sakit na gusto kong iparamdam sa kanila.

Gusto kong matuwa sa ginawa ni Eerah pero natinag ako sa biglaang pagkilos ni Maxpein papaharap sa mga ito. **"Ang lahat ng nangyari ngayon ay ibabalik ko sa iyo nang higit pa sa gagawin mo, Eerah!"** nanggigigil niyang sabi.

"Magagawa mo naman ba iyon?" mataray ngunit nakangising tanong ni Eerah.

"Nagawa ko na noon, hindi ako magdadalawang-isip na gawin ulit iyon ngayon."

Sumeryoso si Eerah. Sandaling nag-isip habang nakatitig kay Maxpein. **"Tingnan natin,"** nagbabanta ang tinig niyang sabi.

Saka hinablot ang paa ng paslit at itaas iyon sa ere na para bang isang bagay at hindi tao. Dahil doon ay lalong umatungal sa pag-iyak ang anak ni Randall. At hindi doon nakontento si Eerah dahil iwinasiwas niya ang paslit dahilan sa lalong pag-atungal nito.

Maging ako ay nabigla sa ginawa ni Eerah, higit na ang dalawa pang narito sa tabi ko. Nagawang tumakbo ni Randall, nagkaroon bigla ng lakas. Pero bago pa man siya nakalapit ay iniharap na ni Eerah ang hawak na tanto sa anak nito upang pigilan siya. Nang akma namang hahakbang papalapit si Maxpein ay tinutukan ni Christian ng baril sa sentido sa Rhumzell habang na sa kaniya ang paningin.

"Mawawalan ng buhay ang dalawang paslit bago pa kayo makalapit," ani Eerah Anitha.

Walang nakasagot. Nanatiling nakatingin sina Randall at Maxpein kina Eerah at Christian, gano'n din naman ang mga ito sa kanila. Pare-pareho kaming nagpapakiramdaman sa gagawin ng bawat isa.

"Please, let the kids go! Please! Please let them go," muling pakiusap ni Randall habang nililingon kami nina Eerah at Christian. Pinagkikiskis ang parehong palad at handang lumuhod sa amin anumang oras.

"Ano ang gagawin mo, Maxpein Moon?" nakangisi uling tanong ko.

Galit niya akong nilingon, salubong na salubong ang mga kilay at tiim ang mga bagang. **"Masiyadong bata ang mga iyan para magdanas ng ganito, Cargosin! Anong klaseng bayag ang meron ka para idamay sila?"**

"Ano?" nagugulat kong tanong. Bigla ay gusto kong maglabas ng baril at paulanan siya hanggang sa makontento ako.

"Dahil hindi ka manalo sa 'kin, idinamay mo ang walang muwang na mga bata? Gano'n ka kaduwag?"

"Huwag mong ubusin ang natitira kong pasensya, Maxpein," gigil kong sabi.

"Kung gano'n ay ako ang harapin mo! Paalisin mo ang mga bata dito, haharapin ko kayo nang walang alinlangan."

Ngumisi ako, ngunit sa likod niyon ay naro'n ang panggigigil kong masimulan ang laban. **"Ano ang akala mo sa akin, utusan?"**

"Mukha ka namang alipin, isipin na lang nating gano'n nga."

"Masyado kang mayabang!"

"Lubayan mo ang mga bata at tayo ang magtuos! Kahit kayong lahat laban sa akin, papayag ako. Paalpasin mo lang ang pagkakataon ng mga bata gaya nang pagpapatakas ko sa inyo, Cargosin."

"Tigilan mo ako!" Hindi ko na napigilan ang sarili ko. Nahablot ko ang baril mula sa aking likuran at deretso iyong itinutok sa kaniya.

"Pein..." Nadinig kong usal ni Randall.

Nanatili ang paningin namin ni Maxpein sa isa't isa. Tahimik siyang nanggigigil at gano'n din naman ako. Gusto kong purihin ang abilidad niya, hindi man lang siya nagitla sa ikinilos ko. Hindi man lang siya kinabahan sa baril na hawak ko.

"Ilalagay kita, kasama ng dalawang bata, sa iisang bangka. Lulubog ito anumang oras at isa lang ang maisasagip mo. Sino ang pipiliin mo," gitil kong sabi habang ang baril ay itinututok kay Maxpein.

"Cargosin, please! I am begging you!" palahaw ni Randall sa likuran ko ngunit hindi ko siya magawang pansinin.

Humakbang ako papalapit sa walang kilos na si Maxpein. **"Sino ang pipiliin mo, Maxpein?"**

Lumapit at lumuhod si Randall sakin, at halos halikan ang sementong kinatatayuan ko. **"Parang awa mo na, Cargosin. Nakikiusap ako sa 'yo! Nagmamakaawa ako! Handa akong pagdusahan ang lahat, ibigay mo lang sa 'kin ang anak at kapatid ko!"** muling pagsumamo niya.

"Sino ang pipiliin mo!" halos mabaliw na sigaw ko nang tuluyan akong makalapit kay Maxpein. Deretso kong itinutok sa lalamunan niya ang baril.

"Bakit pa ako mamimili kung kaya ko namang sagiping pareho?" singhal niya.

Huli na nang makita ko ang pagkilos niya! Higit na huli nang lahat bago ko maramdaman ang mga kamay niyang gumapos sa kamay ko kung nasaan ang baril. Pinilipit niya ang braso at pulsuhan ko at sa pagitan ng ilang segundo ay nagkapalit kami. Siniko niya ako upang tuluyang maagaw

ang baril sa akin. Ang isa ko pang braso ay hinawakan niya nang sobrang higpit at siyang mismong isinuntok sa 'kin!

Mierda!

"Maxpein!" sigaw ni Eerah ngunit walang pumansin sa kaniya.

Nagawa kong makita si Maxpein ngunit hindi ang mga galamay niya nang mabilis niyang iikot ang sarili kong braso at isakal 'yon mismo sa 'kin. Kikilos sana ako paikot, sa gawing kapareho nang pagkakaikot niya ngunit nagawa niya rin iyong mabasa dahil padulas niyang pinaikot ang baril sa kaniyang palad at nang mahawakan ang puno niyon ay biglang inihampas sa batok ko ang hawakan! Sa pagitan ng isang segundo ay nararamdaman ko na ang malamig na bibig ng baril sa aking sentido. Maging sa isip ko ay hindi ko maidetalye ang mga kilos niya sa sobrang bilis. Sa aking paningin ay para iyong hangin.

"Buhay sa buhay, hindi ba?" Kahit ano pang pilit ni Maxpein na pakalmahin ang tinig ay hindi na siya nagtatagumpay. Nagkukumawala na ang galit sa kaniyang katawan at nasisiguro kong dahil iyon sa dalawang batang pinahihirapan namin.

"Let him go! Hindi ako magdadalawang-isip na kitilan ng buhay ang mga batang ito, Maxpein, I am warning you." Si Eerah na kanina pa ma'y gigil na gigil na rin.

Hindi ko magawang kumilos. Bagaman ang galit ko ay patuloy sa paglago, wala akong magawa. Kahit anong kilos ko ay nagagawang basahin ni Maxpein. Anumang galaw ko ay nagagawa niyang isahan na para bang lahat nang iyon ay nakasanayan niya nang makita sa akin. Sa huli ay ako ang nabibihag at nasasaktan.

"Hand me the kids and I'll let this evil go. Walang alinlangan ko ring kukunin ang buhay ni Cargosin bilang kapalit, Eerah, I am telling you." Ginaya ni Maxpein ang nagbabantang tono niya.

Naramdaman kong ipinuwesto ni Maxpein ang bibig ng baril sa mismong gitna ng sentido ko. Na para bang nakakalkula niya ang layo ng bibig niyon mula sa aking utak. Naramdaman ko ang hininga niya nang ilapit ang sariling bibig sa aking tainga.

"Gusto mong malaman ang isa pa sa mga talento ko, Cargosin?" bulong niya, iyong ako lang ang makaririnig. Lalo niyong binuhay ang galit ko. Ang pareho naming paningin ay nakina Eerah at Christian pa rin. **"Kaya kong patayin kayong lahat dito, maging iyong nagtatago at**

nanonood sa atin ngayon. Nang walang nasasaktan ni isa sa amin, lalo na ako."

Minura ko siya sa salitang maiintindihan niya. Sobrang lakas, at gigil na gigil sa galit! **"Kung gano'n ay bakit hindi mo pa gawin ngayon!"** sigaw at saka nagkumawala! Iyon ay upang salubungin ko lamang muli ang malakas niyang sipa na siyang nakapagpatumba sa 'kin!

Itinutok niya nang deretso baril sa 'kin at walang alinlangang pinaputok iyon! Napasigaw ako sa gulat at kaba pero wala akong naramdamang kakaiba sa katawan ko. Maging sina Eerah at Christian ay napukol ako ng tingin, magkahalo ang gulat at kaba, pero wala kaming dapat na ipag-alala. Dahil ang tinamaan niya nang sadya ay ang sementong ilang sentimetro na lang layo sa aking tiyan.

"Nasa'n si Randall!" sigaw ni Christian. Pare-pareho kaming naging aligaga sa paghahanap pero hindi ko magawang alisin nang matagal ang paningin ko kay Maxpein.

"'Wag mo 'kong tingnan ng ganiyan, Cargosin. Kabahan ka kapag ako ang nawala sa paningin mo," aniya sa napakalalim na tono, pinatataas ang mga balahibo ko.

"Hindi ko na talaga mahihigitan pa ang kayabangan mo, Maxpein Moon. Pero maniwala ka sa akin, sinisiguro ko sa iyo. Mayamaya lang ay pagsisisihan mo ang lahat ng ito. Ang bawat sakit na idinudulot ng kakayahan mo sa katawan ko ay pagsisisihan mo."

"Sa dami ng nakaharap ko ay kayo ang pinakamarami...at pinakamaraming sinasabi. Isip ko ang nagpaplano, katawan ko ang kumikilos. Hindi ako kasing-inutil mo."

Hindi ko inaasahang matapos niyang sabihin iyon ay itutulak niya ako palayo habang hawak pa rin ang braso ko. Nang hilahin niya ako pabalik sa kaniya ay nakita ko nang mabilis niyang iangat ang hita at wala akong nagawa para umiwas. Muli ay sinalubong ko ang matigas na tuhod niya. At nang hindi makontento ay ipinuwesto ang parehong kamay sa likuran ko at muli akong inumpog sa kaniyang tuhod!

Agad na gumapang ang matinding sakit mula sa puno ng nguso ko, sa gilid ng ilong ko hanggang sa aking noo. Nabasag ang ilong ko! *Ah!* Bago ko pa man magawang kumilos ay umalulong na ang tatlong magkakasunod na putok ng baril. Mula iyon kay Christian.

"Sa ginawa mo ay hiningan mo lang kami ng tulong," tinig ni Maxpein, si Christian ang kausap.

"Hanggang diyan ka na lang," ani Eerah.

Pero hindi nakinig si Maxpein at sa halip ay nagpatuloy sa paglalakad papalapit sa kanila. Itinutok muli ni Eerah ang tanto sa leeg ng paslit na noo'y patuloy pa rin sa pag-iyak.

"Hilingin mong 'wag kang magkaro'n ng anak dahil kapag nagkataon ay hahanapin kita, ikaw at ang iyong pamilya, at ang ginawa ninyo sa mga batang ito ay gagawin ko rin mismo sa anak mo!"

Napanood ko nang padausdusin ni Maxpein ang sarili papunta sa ilalim ni Eerah Anitha! At walang alinlangang sinaksak siya sa binti gamit ang balisong na hindi ko alam kung saan nagmula! Nabitiwan ni Eerah ang sanggol at nasalo iyon ni Maxpein. Nang kumilos si Christian, akmang dadakmain sa leeg si Rhumzell, ay bigla na lang siyang napaabante dahil sa isang malakas na sipa mula sa kaniyang likuran. Nandoon si Randall, paulit-ulit na inaambaan nang hampas si Christian gamit ang bat. Bagaman mahina ay sinisikap humugot ng lakas para sa dalawang bata.

Agad na ginalugad ng kamay ko ang aking likuran, wala na akong anumang armas doon. Pumitik ako sa ere, at tumingin sa itaas kung nasaan ang mga nanonood sa amin. Iyon na ang hudyat ko at bawat pagbabagal nila ng kilos ay binubuhay lalo ang galit ko.

Animales, Taylor!

Prente akong naglakad, habang nakatingala at sinasalo ang tumutulong dugo mula sa aking ilong, papunta kung nasaan ang mga baseball bat. Ngunit nang hahawakan ko na iyon ay agad akong napailag dahil sa tama ng bala. Binaril ni Maxpein ang mismong bat! At sa aking pagkamangha ay nagagawa niyang sipain nang sipain si Eerah habang hawak ang paslit na bata.

Animales talaga sa galing ang lintik! Paano niya nagagawang bantayan ang tatlong taong kumikilos nang sabay, malapit o malayo man sa kaniya!

Nilingon ko siya pero ang mga paa niya ay abala kay Eerah Anitha. Napakabilis ng kamao, siko, tuhod at paa niya. Pero mahahalatang humahanap siya ng tyempo para makalapit kay Randall, walang kasinlikot ang mga mata ni Maxpein. Wala ring kasinlakas ang kaniyang pakiramdam. Lumiligid sa gawi ni Randall at nang hindi inaasaha'y maglandas ang likuran nila ni Christian ay bigla silang nagkapalit-palit ng kalaban.

Sinipa ni Christian si Maxpein, agad naman itong gumanti nang mas malakas pa sa ginawa niya. Ginamit ko ang pagkakataong iyon upang

pulutin muli ang bat. Ngunit sa ikalawang pagkakataon ay tinamaan iyon ng baril!

"*Mierda*!" minura ko si Maxpein kasabay pa nang pagduduro.

Pero iyon na pala ang tyansa niyang maiabot sa ama ang paslit nito at parang damit na dinampot ang nakababatang kapatid ni Randall at pabatong itinulak papalapit dito.

"Pein!" kasabay ng pagtawag ni Randall ay ibinato niya ang bat. Gusto kong tumawa nang malakas sapagkat nasalo iyon ni Maxpein bago pa man lumingon.

At matapos niyon ay walang alinlangan siyang naglakad papalapit kina Eerah at Christian, sa kaliwang kamay ay ang baril habang sa kanan ay ang bat. Umatras nang umatras ang dalawa habang patuloy ang pag-abante niya. Sinulyapan ko si Randall, ang paningin niya ay nasa akin at humahanap din ng tyempo para makalayo sa lugar na iyon.

Pero nasa amin ang pagkakataon. Dahil bago pa man magawang hampasin ni Maxpein ang isa kina Eerah at Christian ay bumukas na ang ilaw sa dako kung saan sadyang umaatras ang dalawa kong kasama. Muli sa gawi ko ay kalmadong lumapit si Taylor at pabatong ibinigay sa akin si Maxrill. Nakapiring ang mga mata at nakagapos ang parehong kamay sa likuran.

Hinawakan ko ang bunsong Moon sa magkabilang balikat at pilit pinaglakad paabante. Wala pa ring ideya si Maxpein sa nangyayari.

"Who are you?" tanong ni Maxrill sa naiinis na tono ngunit halatang kabado. **"Where is Taylor?"**

"Sshh, you'll be fine soon," tugon ni Taylor.

"Taylor? What's going on?" muling usisa nito ngunit wala nang sumagot pa sa kaniya.

"Pein!" sigaw ni Randall. Inis ko siyang nilingon dahil sa ginawa niya ay mauudlot ang sorpresa ko sana!

"*Noona*?" pagtawag ni Maxrill sa pamilyar nilang punto nang pananalita.

Nakita ko kung paanong natigilan sa pag-abante pasugod kina Eerah at Christian si Maxpein Moon. Iyon pa lang ang ikinilos niya pero ang ngiti ko'y abot na sa langit.

Nararamdaman ko na ang tagumpay...

DEIB'S POV

"HELLO?" Lahat kami ay napalingon kay Tita Dayzelle sa lakas ng tinig niya. Pinanood namin ang bawat reaksyon sa mukha niya habang nakikinig sa kabilang linya. At kung nakamamatay lang ang paghihintay ay baka bumulagta na kaming lahat. Halos magaya namin ang mga reaksyon niya. Nanlalaki ang mga mata, bahagyang nakamaang at animong litong-lito na may halong pag-aalala.

"Tita, ano raw? Nakita na ba nila ang anak ko?" Hindi na nakapaghintay si Dein sa sasabihin nito.

Pero hindi natinag si Tita Dayzelle, at walang ano-ano'y nasapo niya ang sariling noo at saka umiyak nang umiyak. Agad na lumapit si Chairman Echavez at hinagod siya sa likuran.

"No... No! No! This can't be happening!" humahagulgol na ani Tita Dayzelle matapos ibaba ang linya.

"Ano raw iyon?" aligagang ani Chairman Enrile.

"Tumawag si Maze." Umiling nang umiling si Tita Dayzelle, yumuko sa magkabilang hita at saka doon nagpatuloy sa pag-iyak. **"Maging sina Chairman Moon at ang bunsong kapatid nina Maxpein ay nawawala rin daw!"** anunsyo niya habang ang paningin ay na kay Chairman Echavez.

Para akong ipinako sa kinatatayuan ko at titig na titig sa kaniya. Hindi ko mapaniwalaan ang narinig ko. Napatayo ang lahat ng naro'n, maliban kay Noona, at bahagyang lumapit kay Tita Dayzelle na para bang may magbabago kapag lumapit kami nang todo.

"No! No! Magwawala si Maxpein kapag may nangyaring masama sa pamilya niya!" nagpatuloy siya sa pag-iyak. **"At natatakot ako sa posibleng galit na maramdaman ni Maxpein, dad!"** Hinanap nito ang kamay ng ama na naroon sa harapan niya. **"Dad, baka kung ano ang magawa ni Maxpein sa mga Rewis at sa huli ay ang dalawang bata ang balingan ng mga ito. Oh, my God! I'm already dying inside, seriously! Why is this happening? What is it that made them do this to us?"**

Dahan-dahang napaupo si mommy na noon ay nasa dibdib ang mga kamay at patuloy na umiiyak. Si Noona ay sumabay sa alulong nang pag-iyak na pumupuno sa buong kwartong iyon. Kaming mga lalaki ay puro pag-aalala na lang ngunit wala ring magawa.

Hindi ko nagawang alisin agad ang paningin ko kay Tita Dayzelle. Hindi ko maintindihan kung bakit kakaiba ang dating sa 'kin ng mga sinabi niya. Nagdulot sa 'kin ng kilabot ang mga unang salitang sinabi niya.

Magwawala si Taguro? Dati ko naman nang nakitang nagwala si Taguro pero bakit parang kakaiba ang ibig sabihin ni tita?

Napatitig akong muli kay Tita Dayzelle. Iyak siya nang iyak at hindi madaling patahanin. **"God! Why is this happening? Bakit wala man lang tayong magawa para tumulong!"** nawawalan ng pag-asang aniya. **"Mamamatay ako sa sobrang pag-aalala sa anak at apo ko!"**

"Mom," wala sa sariling sabi ko. Lahat sila ay nakatingala na sa 'kin nang lumingon ako. **"I want to help."**

"Deib Lohr?"

"I want to help them." Tumingin ako sa mga mata ni mommy.

"Deib Lohr," nag-aalala siyang tumayo at lumapit sa 'kin. **"No!"**

"Mom, kailangan kong tumulong."

"At ano ang gagawin mo? Ano ang magagawa mo?" naghihisterya niyang tugon. **"Alam mo kung ano ang lagay mo! Magtigil ka!"**

"Mommy," hinawakan ko siya sa magkabilang balikat.

Pilit kong pinipigilan ang pangingilid ng luha ko sa takot na lalong hindi niya ako payagan. Mas lalong hindi ko ipinakita ang takot na agad sumibol sa dibdib ko, nandito pa ako sa harap nila pero natatakot na ako.

"Gusto kong makatulong. Hindi ko alam ang gagawin ko pero baka may pwede akong gawin kapag nando'n na ako. Please."

"No!"

"I want to be there for Maxpein. I want to stay beside her, mom. 'Yon na lang ang pwede kong gawin ngayon. Please."

"Paano kung mapahamak ka?"

"Hindi ako pababayaan ni Maxpein, mommy."

"Kung aasa ka rin lang naman sa tulong niya ay maigi pang dumito ka na lang, Deib Lohr! Huwag mo nang ipahamak ang sarili mo!"

"Hanggang ganito na lang ba ako parati, mommy? Pamangkin ko 'yong nandoon!" Itinuro ko ang gawi ng pinto na para bang doon nga ang lugar kung nasaan ang mga bata ngayon.

"You don't know what you're saying, Deib Lohr!"

"Mom, please."

"You don't know what's going on, Deib Lohr! Hindi mo alam kung paanong kikilos at mag-iisip sa ganitong sitwasyon, anak!"

"Hayaan mo ang anak mo, Lacey," ani daddy. Nagugulat kaming napalingon sa kaniya.

"Nahihibang ka na ba, Lohrton? Paano kung mapahamak doon si Deib Lohr!" gilalas ni mommy. Galit na galit na siya.

"Babae ang inaasahan natin, Lacey, babae! Lalaki ang anak mo. Magtiwala ka naman." Mahihimigan ang magkahalong pakiusap at galit sa tinig ni daddy.

"Oh, God!" tinalikuran ako ni mommy sa sobrang galit. Sinapo niya ang mukha gamit ang parehong palad at saka umiyak nang umiyak. Nananatili siyang galit nang lingunin ako. **"Go ahead and do whatever you want!"**

Hindi ko na siya inalo, hindi ko na rin tinangkang lapitan pa siya. Dinampot ko na agad ang susi ng kotse ko sa mesa at saka nilingon ang ilang naro'n. Tinanguan ko si daddy at saka ko nilingon si Tita Dayzelle. Kahit hindi siya magsalita ay alam kong nag-aalala man siya sa 'kin ay hangad niya ang kaligtasan ko, naming lahat.

"Hindi nabanggit ni Maze kung saan ang punta nina Maxwell. But they are already searching the whole town. Galit na galit si Maxwell at hindi ko alam kung paano makakausap ito ngayon." Nagmamadaling lumapit sa 'kin si Tita Dayzelle para sabihin iyon. **"Thanks for your braveness, Deib Lohr. Alam kong may magagawa ka para sa lahat. Please take care of yourself, hijo."**

"I will, tita." Hinawakan ko siya sa ulo at saka ako tuluyang lumabas.

"Deib Lohr!" nadinig ko ang palahaw ni mommy.

Panigurado ring pinigilan agad ni daddy ang pagsunod nto sa 'kin dahil kung hindi ay baka naabutan na ako nito at muling pinigilan. Humigpit ang pagkakakapit ko sa susi habang naglalakad papalayo, at tiniis ang naririnig ko pang papahina nang papahinang paghagulgol ng mommy ko.

Nagmamadali akong bumaba papunta sa kotse ko. Hindi ko alam kung saan ako dadalhin ng kakaiba at halo-halong pakiramdam ko. Basta na lang ako nagmaniobra at nagbukas ng makina. Nang paandarin ko ang sasakyan ay dinala ako nito sa daan papunta sa mansyon ng mga Moon.

Pero ganoon na lang ang pagkamangha ko. Talaga yatang nakatakdang mapasama ako kung saan naroon ngayon sina Taguro. Dahil hindi pa man ako nakalalayo nang tuluyan ay natanawan ko na ang kotse ni Mokz. Nasisiguro akong kaniya iyon dahil saulo ko ang plaka niya. Pero halos mapalingon ako sa bilis nang pagharurot ng sportscar sa unahan ni Mokz na siyang agad na nakalampas sa 'kin. Hindi ko nakita ang nagmamaneho pero napakalakas ng kutob kong si Maxwell ang nagmamay-ari niyon.

Agad akong umikot, wala akong pakialam sa trapikong naabala ko at sasakyang muntik pang mabundol. Nagmadali akong sumunod sa kanila. At hindi ko alam kung hanggang saan ako dadalhin nang pagsunod. Ilang minuto lang ay napakalayo na namin, at gusto kong mainis dahil naghihingalo ang gas ko!

Not now! Please!

Nag-signal ako ng ilaw, hindi lang lima kundi walong beses para mapansin ako ni Mokz. Hndi ganoon kabilis bago ko maagaw ang atensyon niya dahil tutok siya sa mabilis na pagmamaneho. Binuksan niya ang bintana sa gawi niya at inilabas ang kaliwang kamay. Saka sumenyas na manguna at pumantay sa kaniya. Kumuha ako ng tyempo, iyong wala akong makakasabay, bago ako tuluyang tumabi kay Mokz gamit ang kabilang linya. Binuksan ko ang bintana sa kanan ko at saka palitan ang tingin na tumunghay doon.

"What are you doing?" gilalas ni Mokz na noon ay palitan din ang tingin.

"I want to help! But I'm running out of gas!"

Matagal bago siya nakatugon. **"Open the window wider!"**

Nanlaki ang mga mata ko at nagugulat na tumingin sa kaniya bago muling nilingon ang harapan. **"What!"**

"Open the window--wider!" sigaw niya kasabay nang pagsensyas.

Kumalabog sa kaba ang dibdib ko. Mukhang nakukuha ko na ang gusto niyang gawin. Noon ko lang gagawin iyon kapag nagkataon at kailangan kong magawa nang ayos iyon dahil gamit ko ang kabilang linya. Anumang oras ay pwede may humarurot na sasakyan pasalubong sa akin at mabangga ako.

Pero hindi ako nawalan ng tiwala kay Mokz. Agad kong nilakihan ang pagkakabukas ng bintana. Napanood ko kung paano niya bahagyang ginitgit ang gawi ko para mas mapalapit ang mga sasakyan namin. Noon ko lang napansin si Heurt mula sa likuran na humahalina sa pagmamaneho niya.

Damn it! Ano ba itong nangyayari!

Pakiramdam ko ay nasa kung anong action film na ako dahil ang nakikita kong paraan nang pagpasok ni Mokz sa bintana ko, gamit ang bintana niya, habang kaming dalawa ni Heurt ay nagtatantyahan nang pag-andar, ay sa palabas ko lang nakikita.

"Huminto ka sa gasolinahan matapos ang tatlong kilometro," kalmadong ani Mokz nang tuluyang makapasok sa kotse ko. Hindi ko nagawang sumagot, wala yatang ibang makakaintindi sa kaba na naramdaman ko dahil sa ginawa namin ngayon lang. Biglaan iyon at talagang nakakatakot para sa 'kin.

Pwede naman siguro kaming huminto sandali, bakit kailangang sa delikadong paraan pa siya pumasok sa kotse ko? Anong klaseng pamilya ba naman ang mga ito?

Wala sa hulog kung itatanong ko iyon ngayon. Seryoso masiyado si Mokz. Hindi niya nga halos maialis ang paningin sa sasakyan ni Maxwell na noon ay animong hari ng kalsada. Maging ang kabilang linya ay nagagawa niyang okupahin. Dahil lahat ng mga sasakyan ay nagsisipagtabihan na para bang isang malaking ambulansya ang sasakyan niya. Hindi man lang gumagamit ng busina, hindi gaya ni Heurt na nakaririndi ang pagpapaulit-ulit sa pagbusina tumabi lang ang bawat makakasalubong o nasa unahan niya.

Hindi ko pa man tuluyang naipaparada nang ayos sa gasolinahan ang kotse ay bumaba na si Mokz. Agad na kinuha ang gripo ng gas at kinatok ang gawi ng kotse ko kung saan iyon ipapasok. Ipinatong niya ang ilang piraso ng lilibuhing pera sa palad ng boy na noon ay gulat na gulat sa pagmamadali namin.

"Mokz, lima lang!" sabi ko nang hindi ito mag-atubiling punuin ang tanke ko.

Tinapik ni Mokz ang balikat ng boy at saka lumigid sa gawi ko. **"I'll drive,"** aniya.

Walang alinlangan akong sumampa sa passenger's seat bago pa siya magsalita ulit. At dahil batid ko na kung gaano karami ang talento ng pamilyang ito, ay agad na rin akong nag-seatbelt. Hindi nga ako nagkamali, halos madilaan ko ang salamin sa harapan sa t'wing pumepreno si Mokz nang biglaan. Humahampas naman ang ulo ko sa upuan sa t'wing aarangkada na naman siya.

"May ideya ka ba kung saan tayo pupunta, Mokz?" tanong ko dahil panay lang ang pagderetso namin, kung lumiko man kami ay dahil ganoon din ang kalsada.

Hindi ako nakatanggap ng sagot sa kaniya. Paniguradong napakalalim ng iniisip niya sa ngayon at ayaw ko nang dumagdag pa.

Bahagyang kumalma ang kaba sa dibdib ko. Nabawasan din ang aking takot. Pero ang pag-aalala ko ay lalong tumitindi. Hindi ko alam kung sino ang una kong iisipin. Nag-aalala ako masiyado para sa dalawang bata, gano'n na rin kay Taguro. At hanggang sa sandaling iyon ay nagpapaulit-ulit sa pandinig ko ang mga sinabi ni Tita Dayzelle.

Magwawala si Maxpein kapag may nangyaring masama sa pamilya niya!

Pakiramdam ko ay iba ang kahulugan ng *magwawala* nang gamitin niya. Para bang iyon lang ang terminong pwede niyang gamitin sa posibleng gawin ni Taguro.

Hindi ko naiwasang mapatitig kay Mokz. Kung ako ang tatanungin ay normal lang naman sila. Lumalabas lang ang kaibahan nila sa t'wing may ganitong pangyayari na.

Sa sobrang pag-iisip ay 'ayun na naman tuloy sa 'kin ang kagustuhang alamin ang tunay na pagkatao ni Taguro. Ang katotohanan sa likod ng pagkatao ng pamilyang Moon.

Matapos ang pagkahaba-habang daan ay dumaan kami sa madilim na tunnel. Tanging ang ilaw mula sa mga sasakyang dumaraan ang nagbibigay liwanag. Pero wala ro'n ang atensyon ko. Ang nauna kasi naming dinaanan ay mapuno at wala masiyadong bahay. Ngayon naman ay narito kami sa sibilisadong lugar. Hindi ko man lang nalalamang may ganitong parte pala ang Laguna.

Nauna akong bumaba kay Mokz. Nasulyapan ko agad ang sasakyan niya at ang bagong-bagong sportscar ni Maxwell na basta na lang ipinarada. At agad akong bumalik sa huwisyo nang mamataan ko ang motor ni Taguro na ni minsan ay hindi ko kinakitaan ng alikabok pero punong-puno ng dumi ngayon. Sa sobrang itim kasi ng bawat parte ng motor ay masasalamin ang repleksyon nang sinumang tumingin doon.

"Where are they?" nag-aalala kong tanong nang tumabi sa 'kin si Mokz.

"I'm not sure yet," aniya at saka tinanaw ang mataas na gusaling nasa harapan namin.

Mukhang abandonado ang lugar na iyon. Maiitim na ang haligi at sira-sira na ang mga bintana. Bumabagsak na rin ang mga parte ng veranda na bawat kwarto ay meron. Siguro ay dati iyong apartelle. Hindi kasi nalalayo ro'n ang hitsura.

Nahinto lang ako sa pagtingala nang maramdaman ko ang bigat ni Mokz sa balikat ko. **"Listen to me, son,"** seryosong aniya. Kinabahan naman

agad ako. **"Kahit na ano ang mangyari ay huwag mong pababayaan ang sarili mo. Natatandaan mo pa naman ang lahat ng itinuro ko, hindi ba?"**

"Ha?" Napatango na lang ako. **"Oo."** Pero hindi na ako sigurado ngayon, kinakain ako ng kaba.

"Siguraduhin mong maski isang galos ay hindi ka dadapuan sapagkat kami ang malilintikan kay Maxpein." Seryoso siya nang sabihin iyon pero hindi ko maintindihan kung bakit may reaksyon sa puso ko na animong kiniliti ako.

Kinagat ko na lang ang sariling labi upang mapigilan ang pagngiti. At saka ako tumango. **"Dito lang ako sa likod mo."**

Lumaylay ang mga balikat niya. **"Akala ko naman ay maaari na kitang ipain doon sa bungad."** Itinuro niya ang entrada papasok sa parking lot at saka tumawa.

Nakuha niya pang magbiro? Magkakamag-anak nga talaga sila. Tch!

"Nasa itaas na sila Heurt." Sa 'taas naman siya tumuro. Noon ko naaninagan ang puti na taling ginamit paakyat.

Lalo akong napalunok. *Doon ba kami dadaan?* Hindi ko lubos na maisip ang sarili kong inaakyat ang gusaling iyon gamit ang tali na iyon. Hindi ako tiwala sa tali, kung si Mokz pa lang ay mukhang bibigay na iyon. Lalo akong kinabahan nang magsimulang luminga-linga si Mokz na para bang naghahanap ng magagamit na bagay panlaban.

Hindi ko yata kaya 'to.

May kung ano sa 'king hinihikayat akong umatras at magpaalam papalayo. Pero kakatwang ako rin mismo ang pumipigil sa sarili ko. Natural man ang makaramdaman ng takot, hindi naman normal para sa 'kin ang mga pangyayaring ganito. Pero nang sandaling maisip ko ang lagay nina RD at Rhumzell, Maxrill at Chairman Moon, kumuyom ang mga palad ko. Noon ko lang naaalala ang mga ginawa ng Rewis sa amin.

Nagkatotoo nga ang ikinakatakot ko. Sa huling paglagay ko ng bigat sa puting tali na ginamit namin sa pag-akyat ay bumigay iyon. Kasabay niyong nahulog ang ilang bakal na bahagi ng veranda na gumawa ng malakas na ingay. Dali-dali akong hinila papasok sa bintana ni Mokz. At gano'n na lang ang gulat ko nang may dalawang lalaking sumalubong sa 'min at akma kaming hahampasin!

Agad na sinalag ni Mokz ang isa at sinipa naman ang isa pa. Naramdaman ko agad ang panginginig ng mga kamay at tuhod ko. Pero

bago pa man ako lamuning muli ng takot ay nadampot ko na ang sirang bangko at inihampas iyon sa kanila. Akma kong hahampasin uli ang mga ito nang matigilan ako sa pagkilos ni Mokz. Siniko niya ang isa sa mukha at puwersahang pinatalikod sa kaniya. May kung ano siyang pinindot sa ibabang bahagi ng likod nito at saka tinadyakan papalayo. Ang isa naman ay basta na lang nakatulog matapos niyang tadyakan sa batok at dibdib.

"Ayos ka lang ba?" tanong niya.

"Oo," kabado pa rin akong tumango.

"Ta--" Hindi niya nagawang tapusin ang sasabihin nang umalulong ang apat na magkakasunod na tunog ng baril.

"Sina RD at Rhumzell, Mokz," napakapit ako sa kaniya.

"Babawiin natin sila," paniniguro niya at saka nanguna sa daan.

Sobrang dilim. Hindi nga ako nagkamali, isa iyong apartelle dahil sa hitsura ng kwartong iyon na pinasok namin. Paglabas ay nasa pasilyo na kami at naro'n ang sunod-sunod na pinto ng iba pang kwarto.

Nagpatuloy lang kami sa paglalakad ni Mokz. Parehong handa kung may biglang umatake sa 'min. Pero tahimik naming narating ang dulong bahagi ng pasilyo. Nagawa rin naming bumaba sa dalawang palapag nang walang hinaharap. Pareho lang kaming nakikiramdam sa paligid at hinahanap ang kinaroroonan nina Taguro at iba pa naming kasama.

"Wala na 'kong naririnig na ingay, Mokz. Nag-aalala ako, baka kung ano na ang nangyari?" sabi ko mayamaya nang hindi ako makatiis. Walang sandaling hindi ako napraning. Kung ano-ano ang tumatakbo sa isip ko sa kabila nang pagiging alerto.

Nagpalinga-linga muna si Mokz bago tumingin sa 'kin. **"Sana ay walang nangyari."** Mababasa ang pag-aalala sa mga mata niya. **"May tiwala ako sa kay Maxpein."**

Bagaman gano'n ang sinabi niya ay hindi nabawasan ang kaba ko. Parang lalo pa ngang tumindi dahil ang lahat ay iniasa na naman sa kaniya. Bagay na magpahanggang sa ngayon ay hindi ko maintindihan.

"Dito tayo," mahinang aniya.

Lumiko kami papunta sa emergency exit door. Pero ganoon na lang ang gulat ko nang may humila bigla kay Mokz matapos niyang buksan iyon. Napaatras ako nang makita ko ang makahulugan niyang tingin sa akin. Napanood ko pa nang sumubok siyang lumaban hanggang sa tumumba nang bigla siyang kuryentehin!

Shit!

Umatras uli ako nang umabante papunta sa 'kin ang dalawang lalaking may taklob na itim sa mukha. Ngunit nahinto ako nang may mabundol ako sa aking likuran. Hindi ko na nagawa pang kumilos dahil batid kong isa iyong tao.

"Sumama ka na lang nang tahimik sa amin kung ayaw mong mapahamak." Hindi pamilyar sa 'kin ang tinig. Wala akong lakas ng loob para lingunin at alamin kung sino iyon.

Pinaggitnaan ako ng dalawang lalaking may taklob sa mukha at inakay sa sino. Saka nila ako kinaladkad papalabas sa emergency exit door. Maging si Mokz ay binuhat nila gamit ang dalawang braso saka kinaladkad.

Bagaman madilim ay nabatid ko agad na nasa parking lot kami. Gano'n na lang ang pagkamangha ko nang makita ang lahat ng hinahanap ko doon. Nando'n ang mga Rewis, ang ilan sa mga tauhan nila, maliban kay Lovemir na agad hinanap ng mga mata ko. Naro'n din sina Taguro, Randall at dalawang bata, maging sina Maxrill, Heurt at Maxwell, na noon ay parehong nakataas ang kamay sa ere dahil may nakatutok na baril sa likuran, sentido at harapan.

Nasaan si Chairman Moon? Agad na hinagilap ng mga mata ko ang senyor pero wala akong makita.

Pumalakpak si Eerah at naglakad papalapit sa amin nang makababa ako. Hindi ko inaasahan ang biglaan niyang pagsampal sa 'kin!

"Sayang, wala ang lolo at ate mo. E, di sana kompleto na tayo?" aniya at saka akmang sasampalin uli ako pero umilag na ako. **"How are you, Lohr?"**

Nagtiim ang bagang ko. Gusto ko siyang duraan at murahin nang murahin pero nasisiguro kong makasasama lang iyon sa sitwasyon. Sa halip ay tiniis ko na lang nang muli niyang padapuin ang palad sa 'kin. At nang akma niya akong susuntukin ay napatalon siya nang may lumangitngit na bagay sa likuran niya. Sabay kaming napalingon sa kaliwa at 'ayun si Taguro na masamang-masama na ang tingin sa kaniya. Nagbato ng kung ano para pigilan si Eerah.

Hinarap siya ni Eerah. **"Talagang malakas pa rin ang loob mo, 'no?"** sarkastikong aniya. **"Sa ganitong karaming mahal mo sa buhay? Paano mo sila maililigtas nang buhay!"**

Humalakhak si Cargosin at sinenyasan ang mga may hawak sa 'kin. Nang makalapit ako sa kaniya ay basta na lang niya akong tinuhod at dinagukan sa likod. Sinadya kong hindi gumawa ng anumang ingay, kahit masakit

talaga ang mga iyon, para lang 'wag magipit sa pagdedesisyon si Taguro. Gustong-gusto kong lumaban pero hanggang sa sandaling iyon ay ang sitwasyon ang nasa isip ko. Kung makakatulong ba ako o makadaragdag lang sa gulo.

Sinabunutan niya ako at pinatingala. **"Anong pakiramdam nang pinapanood mo ang paghihirap ng mga mahal mo, Maxpein?"** tanong niya.

"Bitawan mo siya," utos ni Taguro. Napatitig ako sa kaniya. Noon ko lang uli nakita ang matinding galit sa kaniyang mga mata.

Walang ano-ano ay bigla akong siniko ni Cargosin at sa gitna mismo ng dibdib ko iyon tumama! Napayuko ako kasabay ng pag-ubo sa sobrang sakit niyon. Naramdaman ko ang paglapit ni Taguro pero agad siyang natigilan nang tutukan ako ni Cargosin ng patalim sa mismong ilalim ng panga. Gamit ang maliit na espada ay pinaangat niyang muli ang aking ulo. Sa takot akong lumalim ang pagkakadiin niyon ay itinaas ko na lang uli ang paningin ko.

"Christian!" tawag ni Cargosin saka tumango dito bilang pagsenyas.

Sabay-sabay kaming napalingon kay Christian na noon ay nasa likuran nina Maxwell at Heurt. Tinadyakan ni Christian ang mga ito at pinagsisipa sa mukha hanggang sa makontento. Nang akalain kong doon na iyon natatapos ay nagkamali ako dahil marahas na pinulot ni Christian ang pinakamalapit na baseball bat. Saka walang awang pinaghahampas iyon sa likod nina Maxwell at Heurt.

Napasigaw ako sa hindi katanggap-tanggap na napapanood ko. Parehong duguan ang mukha ng dalawa. Mabilis na namula, nangitim at namaga ang iba't ibang parte ng katawan nila.

Agad na nangilid ang mga luha ko. Noon ko nasulyapan si Randall na nasa isang gilid, bitbit ang anak at hawak ang kapatid. Kapareho kong tahimik na lumuluha at walang magawa.

Ang sumunod na tinanguan ni Cargosin ay si Taylor na ang ginawa naman ay tanggalin ang piring ni Maxrill. Marahan nitong kinalagan ang mga kamay ng binatilyo at pinaharap sa kaniya. Tinitigan ni Maxrill nang may pagtataka si Taylor at ganoon na lang din ang gulat niya nang tuhudin siya nito sa tiyan. Nang mapayuko si Maxrill sa sakit ay hinawakan ito ni Taylor sa magkabilang pisngi at muling tinuhod sa mukha!

At hindi pa sila ro'n nakontento. Napanood ko nang maglakad si Eerah sa harapan ko at lumapit kay Mokz. Gamit ang mataas at manipis na takong ay

tinapakan niya ang kamay ni Mokz dahilan para magising bigla ito. Nakita ko ang mabilis na pagdaloy ng dugo sa kamay ni Mokz, nakabibingi ang malakas na sigaw niya.

"Bwahahaha!" napuno ang lugar na iyon ng matinis na pagtawa ni Eerah. Hindi ko na magawang lingunin pa siya dahil sa kahabag-habag na ginawa ng mga kasamahan niya. **"Napakasarap pala sa pakiramdam nito? Iyong nagagawa namin ang lahat ng aming gusto habang ikaw ay nanonood lang at unti-unting pinapatay dahil sa mga nakikita mo?"** sarkastikong aniya kay Taguro na noon ay tahimik na ring lumuluha.

"Oh? Bakit bigla ka yatang nanghina?" si Cargosin kay Taguro. **"Nasa'n na ang tapang mo, Maxpein Moon?"**

"Huwag kang kikilos!" banta ni Taylor habang nakatutok ang baril kay Maxrill nang akmang hahakbang si Taguro. Saka sila sabay-sabay na humalakhak na parang mga demonyo.

"Marunong ka naman palang sumunod, bakit hindi mo sinimulan noon, Maxpein Moon?" nangibabaw ang pamilyar na tinig mula sa 'taas, kung saan kami nanggaling ni Mokz. Nasisiguro kong si Chairman Rewis iyon. Hindi ko siya magawang lingunin dahil sa mahigpit na pagkakakapit sa 'kin ng dalawang lalaki sa tabi ko. **"Handa ka na bang ibigay ang buhay na hinihingi ko? Ako kasi ay matagal nang handa para maningil. Sabihin mo sa akin, kaninong buhay ba sa mga ito ang kukunin ko?"** mahabang sabi niya nang tuluyang makalapit kay Taguro. Nakangisi at nagmamalaki. **"Ano ngayon ang gagawin mo?"**

"Kikilabutan ka kapag narinig mo," seryosong tugon ni Taguro.

"Iyan ang gusto ko, Maxpein Moon," nakangising anang Chairman. **"Iyong nauubusan ka na ng pasensya pero wala kang magawa."**

"Nagkakamali ka," deretsong tugon ni Taguro, hindi man lang kumukurap ang mga mata. **"Dahil kapag nauubos ang pasensya ko ay mas marami akong nagagawa. At karamihan sa mga iyon ay masasama."**

Nagulat ang lahat nang umatras si Taguro at patalon na sinipa si Chairman Rewis sa mukha dahilan para mapaatras ito at tuluyang tumumba patalikod! Sumugod agad si Taguro at hinila ito sa kuwelyo. Marahas niyang pinatayo ang senyor at kasabay na itinakbo papalapit sa pinakamalapit na poste at sunod-sunod na inihampas ang mukha nito ro'n! Bago muling matumba si Chairman Rewis ay sinipa na ito ni Taguro sa

batok at saka muling tumalon upang tuhurin naman ito sa mukha gamit ang kabilang hita.

Taguro!

Gigil na gigil si Taguro at walang anumang dahilan ang makapipigil sa kaniya. Sapagkat mabilis niya muling itinayo ang senyor at iniumpog ito sa poste. Mababasa ang galit sa mga mata niya habang sinasakal si Chairman Rewis na halos magkumahog para lang makahinga. Nang magawang pigilan ang sarili ay muli niyang iniumpog ang Chairman sa poste dahilan para mahawakan nito ang sariling ulo, nasaktan marahil nang husto. At saka niya ito itinulak para mabuwal sa sahig at muling pinagsisipa ito sa mukha.

Natigil lang siya dahil sa sunod-sunod na pag-alingawngaw ng baril ni Cargosin. **"*Mierda*!"** Itinutok niya ang baril kay Taguro at walang ano-ano ay ipinutok iyon.

"'Wag!" huli na nang makasigaw ako.

Parang nag-slow motion ang lahat sa paningin ko at nakita ko kung paanong tumalon patalikod si Taguro upang 'wag tamaan. Nanlalaki ang mga mata kong hinintay ang pagpapakita niya, gusto kong masigurong wala siyang tama.

Pero hindi ko na iyon nakita nang bigla akong hilahin ni Cargosin at tutukan ng baril sa sentido. **"Lumabas ka diyan, Maxpein! Kung hindi ay papatayin ko itong nobyo mo!"**

Namumula na sa galit si Taguro nang lumabas mula sa likuran ng itim na sasakyan. Masamang-masama ang tingin at galit na galit.

"Hindi ko maintindihan kung ano ang ipinaglalaban niyo," mariing sabi ni Taguro, galit na galit. **"Bakit kailangang umabot sa ganito?"** kaunti na lang ay bubuhos na ang mga luha niyang naipon sa mga mata.

"*Mierda*! *Mierda*! *Mierda*! Bobo! Inutil! Estupida! Bastarda!" sunod-sunod na sigaw ni Cargosin habang paulit-ulit na dinuduro si Taguro gamit ang baril na hawak niya. Nararamdaman ko sa higpit nang pagkakahawak niya sa 'kin ang kaniyang galit. Halos bumaon sa batok hanggang tainga ko ang kaniyang mga kuko.

"Iputok mo!"

"'Wag mo 'kong subukan!"

"Iputok mo!" muling hamon ni Taguro.

"*Mierda*!" animong nababaliw nang sigaw ni Cargosin. Hawak ang ulo at nagpapapadyak sa kinatatayuan niya. Saka muli iyong itinutok kay Taguro ngunit wala ring nagawa.

"Iputok mo nang magkaalaman tayo! Wala ka namang kwentang kalaban, 'di ba?" singhal ni Taguro.

Lalong nahamon si Cargosin. Binitiwan niya ako at biglang sinugod si Taguro. **"Anong sinabi mo?"**

"Puro ka dada! Dehado na 'ko't lahat, ano pang ginagawa mo? Bakit hindi mo kami pagpapatayin lahat para makontento ka na't makabawi diyan sa ipinagmamalaki mong pagkamatay ng nanay mo!" galit na talagang sigaw ni Taguro. Hindi na niya iniisip ang sinasabi!

Kung ano-anong sinabi ni Cargosin sa sariling lenggwahe at biglang sumugod kay Taguro. Pero gaya ng kaniyang ama ay wala siyang nagawa nang dakmain siya ni Taguro sa batok at pinaikot-ikot hanggang sa maliyo. Nang ihinto siya ni Taguro ipinanghampas nito ang baril na hawak niya rin mismo.

"Sige, Maxpein! Sige!" naghahamong sigaw ni Eerah na basta na lang din akong hinila.

Pinaghawak ko ang kamao ko at buong pwersa siyang siniko. Nang magharap kami ay tinadyakan ko sa pagitan ng dibdib at tiyan si Eerah.

"Gago ka, ah!" Biglang sumugod si Christian. Sinangga ko ang kamao niya at nakakuha ng tyempo para suntukin siya sa tiyan.

Nasulyapan ko pa si Taylor na noon ay kalmadong naglalakad papalapit sa nakalapag na bat. Agad din akong naghanap ng bagay na pupwedeng gamitin pero bago ko man iyon magawa ay tinamaan na ako ni Christian sa paa. Napasigaw ako sa sakit niyon, naiisip ko tuloy kung ano pa ang naramdaman nina Heurt at Maxwell.

"Maxpein...Maxpein...Maxpein..." Natigil ang lahat nang magsalita si Taylor. Hawak niya ang isang bat at ipinantatapik iyon sa kabilang palad niya. **"Isang maling kilos mo pa, pasasabugin ko ang ulo ng iyong ina."** Umakto siyang tumitira ng baseball at inaasinta iyong ulo mismo ni Heurt na noon ay parang lumuluha na ng dugo.

Tumigil si Taguro sa sitwasyong hawak niya sa leeg si Cargosin. Pabato niya itong binitiwan at tinanaw si Taylor. Gusto kong sumigaw nang mula sa likuran ay hahampasin ni Cargosin si Taguro ngunit pare-pareho kaming nagulat nang yumuko ito at bumaba upang patirin ang lalaki!

Fuck! Naghahalo ang pakiramdam ko at parang mababaliw na ako sa dami niyon.

Humalakhak si Taylor. **"Mamili ka na kung sino ang gusto mong patakasin. Saka natin sisimulan ang laban,"** utos niya.

Ha? Anong ibig niyang sabihin? Natutuliro akong napalingon sa kung saan-saan hanggang sa mapatitig ako kay Taguro. Halatang hindi niya rin alam kung ano ang gagawin at maging ang sasabihin. Sa dami ng kalaban, sa dami ng kailangang iligtas, ay nag-iisa siya.

"Patakasin mong lahat," ani Taguro na ang paningin ay nasa semento.

Inosenteng napamaang si Taylor. **"Napakaabusado mo naman?"** Saka siya tumawa. **"Mamimili ka lang sa tatlo; Enrile, Echavez o Moon?"** Muli siyang tumawa nang tumawa.

Gaya ni Taguro ay nagugulat akong napalingon kay Taylor. Hindi ako makapaniwala sa ganoong uri ng pagpipiliang ibinigay niya. Pero mukhang seryoso siya sa sinabi, at walang balak bawiin ang mga iyon.

"Ano, Maxpein Moon?" muling tanong ni Taylor nang hindi makasagot si Taguro.

"Patakasin mo lahat, magpapaiwan ako."

Taguro...

Humalakhak ang lahat at ang kay Taylor ang pinakamalakas. **"Handa kang ibuwis ang buhay mo?"**

"Para sa mga taong mahal ko, oo," seryosong sagot ni Taguro.

Isinandal ni Taylor ang hawak na bat sa hita niya at saka sarkastikong pumalakpak. **"Bigyan ako ng kopya ng larawan nito, pagagawan ko ng rebulto,"** aniya sa mga kasamahan habang nakaturo kay Taguro. Sabay-sabay uli silang natawa.

Dinampot muli ni Taylor ang bat saka nagsimulang maglakad papalapit kay Taguro. Umikot siya nang paulit-ulit dito nang hindi inaalis ang paningin. Si Taguro naman ay nanatiling nakatingin sa semento. Sa isip ko ay humihiling akong sana ay nakapag-isip o nag-iisip na siya ng gagawin.

Noon ko lang naramdaman ang takot hindi lang para sa sarili ko kundi para sa maraming tao. At noon ko lang naramdamang hindi bale nang mamatay ako, makaligtas lang ang lahat ng narito.

Kaya naman nang makita kong wala sa akin ang atensyon ni Christian, ay umikot at tsambahang hinugot ang baril ng isa sa mga tauhan. Walang takot ko iyong ipinutok ngunit walang tinamaan! Napaatras silang lahat nang basta ko na lang itutok ang baril.

"Patakasin niyo kami!" sigaw ko. **"Kung hindi ay iputok ko 'to!"** banta ko pero walang kumilos sa kanila. **"Patakasin niyo sabi kami! Babarilin ko kayo!"**

"Subukan mo." Nahinto ako sa tinig na iyon at sa biglang pagyapos sa likuran ko. **"Akin na ang baril,"** tinig ni Eerah. Kusa ko iyong naibigay nang maramdaman ko ang malamig na patalim niya sa tagiliran ko.

"Ah!" napasigaw ako nang matapos ibigay ang baril ay sinaksak niya ako sa hita!

Napaluhod ako sa sahig at bago ko pa man magawang bumagsak nang tuluyan ay 'ayun na ang papasugod na mga tauhan. Gaya nina Heurt at Maxwell ay walang habas nila akong pinagsisipa at pinaghahampas.

"Stop!" Natinag ang lahat sa biglaang pagsigaw ni Maxrill. Nakita rin ng lahat nang mabilis niyang ibato ang isang patalim at tamaan si Christian sa mismong braso na agad namang ikinagalit nito.

Biglang sumugod si Christian kay Maxrill ngunit bago niya pa madakma ito ay nakatayo na si Mokz upang harangan ito. Nagawang ilagan ni Mokz ang patalim ni Christian ngunit hindi ang mga suntok niya. Tumimbawang si Mokz ngunit agad ding tumayo, muntik muling matumba pero pinilit bumangon para maproteksyonan ang apo.

Hindi nagpatinag si Christian. Nakangisi niyang inatake si Mokz at pinahirapan itong gumanti. Napaatras nang napaatras si Mokz sa pagsangga dahil sa panghihina. Tadyak, suntok at dagok ang inabot niya kay Christian. Ngunit nang magawa niyang salagin ang parehong kamay ni Christian ay saka kumuha ng lakas si Mokz para puwersahan itong hawakan sa braso at hilahin. Umalingawngaw ang malakas na sigaw ni Christian nang baliin ni Mokz ang kaliwa niyang braso at tadyakan siya sa tuhod. Bago matumba nang tuluyan si Christian ay hinawakan siya ni Mokz sa baywang. Nang makuha niya ang bigat nito ay saka niya binuhat at ibinalibag.

Dagling tumakbo si Eerah at walang takot na sinaksak sa likuran si Mokz! Nasulyapan ko ang dagli ring pagtakbo ni Taguro na patalong yinapos si Eerah. Nang mapahiga si Eerah ay agad itong gumulong para maiwasan ang kamao ni Taguro. Ngunit hindi niya na nagawang bumangon pa dahil siya mismo ang binuhat ni Taguro at padapang inihampas sa semento. Malakas ang naging pagsigaw ni Eerah lalo na nang itaas ni Taguro ang buong hita at sipain siya. Umaapoy sa galit ang mga mata ni Taguro, walang kasimbilis ang kilos ng mga paa at kamay niya. Dahil hindi pa man nakakabawi si Eerah ay hinila na ni Taguro ang buhok nito mula sa likuran saka nakadapa, at sadyang ikinakaladkad ang mukha sa malamig na semento. Duguan na ang mukha ni Eerah, putok ang labi at kilay, maging ang ilong, nang itihaya ni Taguro. Gano'n na lang ang gulat niya nang

makita ang galit sa mga mata ng aking nobya. At halos magpumiglas siya nang muli siyang sabunutan ni Taguro patayo at sunod-sunod na pinagsasapak!

"Taguro!" Sigaw ko nang masulyapan kong tutukan siya ng baril ni Cargosin.

Pero gano'n na lang ang pagkamangha ko nang mabilis na maitulak ni Taguro si Eerah, dahilan para mapasalubsob ito sa harapan ng nakahintong sasakyan, at hilahin ang isa sa mga tauhan upang ibato kay Taylor! Ang tauhan ang tinamaan ng bala na agad nakapagpatumba rito. Ang lahat ay nagulat hindi lang dahil sa nangyari kundi sa bilis nang pagkilos ni Taguro sa sandaling iyon. Mas hindi pa inaasahan ni Taylor ang biglaang pagsugod ni Taguro sa kaniya, walang alinlangan kung muling ikasa ng kaharap ang baril at paputukan siya!

"Kapag nasugatan pa ang isa sa pamilya ko, makikita mo, Taylor!" dinig kong banta ni Taguro.

"*Basta ya*!" nakangising anunsyo ni Taylor nang hindi inaalis ang paningin sa kaharap. Ngunit mababasa ang matinding pagkalito, gulat at galit sa mga mata niya. **"Mamili ka na sa tatlo, nauubos ang oras ko,"** nanginginig ang mga pangang aniya. Mariin na mariin na lalong nanggigipit sa desisyon.

"Patakasin mo lahat, matitira ako. Nasa 'yo ang salita ko."

Umiling si Taylor. **"Pumili ka sa tatlo,"** mas mariing giit niya. **"Echavez, Moon o Enrile, Maxpein!"**

Nagtiim ang bagang ni Taguro. **"Hindi kayo patas."**

Humaklak silang pare-pareho. **"Gawin nating patas kung gano'n,"** ani Taylor. **"Kaming lahat, laban sa iyo. Makakatakas lang ang lahat ng taong mahal mo kapag ikaw ang nanalo."**

Nagliwanag ang mukha ni Taguro. **"Sige. Payag ako."**

Kuminang ang mga mata ni Taylor saka ngumisi. **"Matapang ka, ah?"** aniya saka sumenyas.

Napalingon ako sa tatlong tauhan na kumilos sa likuran ko. Nangunot ang noo ko nang isa-isa silang maglagay ng smoke mask sa mukha, inabutan nila ang lahat ng tauhan at mga Rewis. At ganoon nalang ang panlalalaki ng mga mata ko nang buksan nila ang hindi ko mabilang na naglalakihang tangke sa gawing madilim. Hindi pa doon nagtapos iyon dahil nagbato sila ng bote kung saan-saan at mayamaya lang ay napalibutan ng usok ang lugar.

Nagsipag-ubuhan kami, lalo na sina Rhumzell at Randall na pare-parehong nakahiga sa semento. Napalingon ako kay Taguro na noon ay animong hindi man lang tablan ng usok. Nananatili siyang titig na titig kay Taylor at galit na galit.

"Limitado ang oras mo, Maxpein," sabi ni Taylor. **"Huwag kang lalaban sa 'min."**

Taguro...

Sumenyas muli si Taylor sa ilang mga tauhan niya. Bagaman may mga tabing ang mukha ay nasisiguro kong nakangisi ang mga ito habang papalapit kay Taguro. Hawak ang baseball bat ng ilan, habang ang iba pa ay may kanya-kanyang matitigas na bagay na hawak, gagamiting panghampas sa kaniya. Nanatiling nakatayo si Taguro nang na kay Taylor ang tingin, wala nang emosyong mababasa sa mga mata niya.

"Walang tatayo sinuman sa inyo." Isa-isang dinuro ni Taylor kaming mga kasamahan ni Taguro. **"Isang maling kilos ninyo, pagdudusahan nitong pinakamamahal ninyong bayani. Sige! Simulan na 'yan!"**

Nagkumahog tumayo si Cargosin at itinaas ang kamay dahilan para ihagis ng tauhan ang hawak na bat sa kaniya. Nang masambot iyon ay bumuwelo lang siya at agad na inihampas iyon sa tuhod ni Taguro! Agad na nanlambot ang kaliwang bahagi ng katawan ni Taguro, muntik siyang mapaupo ngunit sinikap na muling tumayo.

Iyon pa lang ang nangyayari ay nanghihina na ako, lahat kami ay pawang mga nakatingala lang at nanonood sa kung ano ang magaganap.

Humilera ang mga tauhan sa likuran ni Taguro. Sina Taylor, Christian, Cargosin at Chairman Rewis naman ay mga nakangising humarap sa kaniya. Para silang mga asong ulul na sabik na sabik matikman ang karne sa kanilang harapan. Nagpaikot-ikot sila kay Taguro na noon ay panay na ang iling at pag-ilag sa kumakapal nang usok. Gaya namin ay mukhang nagpipigil siya ng hininga at bubuga na lang kapag nauubo na.

Nang takpan ni Taguro ang ilong ay biglang sumugod si Christian sa kaniya, na bagaman may tabing sa mukha ay makikilala dahil sa damit na suot. Gamit ang likod may takip na tanto ay walang awa niyang pinuntirya ang mga binti ni Taguro. Paulit-ulit na pinaghahampas hanggang sa mapaluhod ito. Ilang saglit pa ay nagsipaglapitan na ang mga tauhan at walang habas na pinagpapalo si Taguro gamit ang mga bat nila.

"Taguro!" Nagwawala kong sigaw! Kumawala ako sa lalaking humahawak sa 'kin at nang akma niya akong hahabulin ay basta ko na lang

siya tinadyakan. Ngunit nagawa niya pa rin akong maabutan at hilahin para pagsusuntukin. Nakipagpambuno ako sa kaniya hanggang sa hindi ko na mapigilan ang galit. Basta ko siya pinagsusuntok at pinagtatadyakan hanggang siya ang mapahiga. Hindi ko na malaman kung ano ang aking ginagawa, nagpatuloy lang ako hanggang sa makita ko na lang ang mukha niyang naliligo sa sariling dugo.

Ngunit nang akma akong tatayo ay 'ayun na ang bibig ng baril sa aking sentido. Napakalamig at pinabibilis ang tibok ng puso ko. **"Huwag ka nang umastang malakas sapagkat ang nobya mo lang ang maghihirap,"** tinig ni Taylor. **"Hahaha! Mahina ka na nga, pati ba naman ang puso mo ay mahina?"** sarkastikong aniya. **"'Buti at hindi ka hinihimatay sa gulat sa t'wing pinapuputok ko itong baril? Ano kaya kung patayin ko sa harap mo itong Taguro mo? Tingnan ko kung hindi ka atakihin! Hahaha!"**

"Wala kang kasinsama!" singhal ko sa kaniya.

"Hinay-hinay lang sa pagsigaw, Deib Lohr Enrile, hindi ka pa naooperahan. Makasasama sa iyo iyan," kunwaring nag-aalalang aniya. Hindi ko nagawang sumagot at gulat na gulat akong napatitig sa kaniya. Ang ngisi sa kaniyang labi ay biglang nawala, nanlaki ang mga mata ko nang bigla niyang baliktarin ang baril at akmang hahampasin ako.

"'Wag mong gagalawin 'yan, Taylor!" sigaw ni Taguro dahilan para matigilan siya.

Tumawa nang malakas si Taylor. Tuloy-tuloy na pagtawa na para bang isang malaking biro ang sinabi ni Taguro. **"Nakakatuwa kayong dalawa, mahal na mahal ninyo ang isa't isa. Ano ang magagawa mo kung ganito ang gusto kong gawin, Maxpein Moon?"**

Bigla akong hinila ni Taylor at dinagukan sa likod. Itinulak sa dibdib nang malakas at sinalubong ng suntok. Napamura nang malakas si Taguro dahilan para lalong tumawa si Taylor.

Sumigaw nang malakas si Taguro at sa isang iglap ay pinagsisipa niya ang lahat ng kaharap. Walang hinto at hindi tinitigilan hangga't hindi natutumba ang bawat isa. Nakita ko kung paanong nanggigil sa gulat at galit si Taylor na agad akong dinampot at ipinuwesto sa harapan niya. Naglakad kami papalapit sa puwesto ni Taguro at saka niya ako tinutukan ng baril sa ulo.

"*Basta ya, tonta*! Sige!" sigaw ni Taylor, ginagamit akong pambanta.

Pero huli na dahil wala nang nakatayo sa mga kaharap ni Taguro. Nangingilid ang mga luha ko pero nakikita ko ang panghihina ni Taguro. Pinipilit na labanan ang nakakaliyong usok at masakit na katawan para makita ang aking kalayagan.

Nababaliw na tumawa si Taylor. **"Bakit ang mga kapatid at magulang mo ay hinahayaan mong saktan ko ngunit itong gunggong, mahina at walang kuwento mong nobyo ay ni ayaw mong padapuan ng kamao ko? Hindi ba't obligasyon mong proteksyunan ang buong pamilya ninyo--higit na ang Chairman na siyang tumatayong pinakamataas na tao sa inyong organisasyon?"**

Natigilan si Taguro at kunot-noong napatitig kay Taylor. Nakita ko siyang napailing at lalong napatitig sa kaharap. Nangingilid ang mga luha niya at hindi ko na matukoy ngayon kung dahil ba iyon sa galit o sa usok na masakit sa mata at kasing-kapal na ng ulap.

"Hindi mo man lang ba kukumustahin ang iyong pinakamamahal na lolo?" tumatawag sabi ni Taylor. Mas masakit sa tainga ang pagtawa niya dahil sa mask na suot. Mas nakakainsulto at nakakainis sa pandinig.

Lalong natigilan si Taguro, ang mga luha sa kaniyang mga mata ay nag-unahan na sa pagtulo. Ngunit ang blanko niyang emosyon ay nangingibabaw sa buo niyang mukha. Ang hindi maipaliwanag na galit, na sa kaniyang mga mata ko lang nakita, ay sobra at hindi na masukat pa.

"Hindi ka pa namimili, Maxpein," muling sabi ni Taylor.

"Nasa'n ang lolo ko?"

"Mamili ka na ngayon. Kapag tuluyang nakatayo ang mga kasamahan ko ay tutuluyan ko na kayo."

"Nasa'n ang lolo ko!" sigaw ni Taguro na handa na namang sumugod para manakit.

At sa sandaling iyon ay mukhang naiintindihan ko na ang ibig sabihin ni Tita Dayzelle kanina. Ang mga kamay ni Taguro ay nanginginig na sa galit. Namumula ang buo niyang mukha na animong magpapalit-anyo na anumang sandali.

"Taylor," tawag ni Chairman Rewis. May sinabi ito sa salita nila at wala akong naintindihan kahit isa. Nagsipagtahimikan ang lahat at mukhang nakuha ko lang ang pinag-uusapan nila nang mangibabaw sa pandinig ko ang sirena ng mga parak.

"May paparating na mga anghel, mukhang kailangan mong magpasalamat sa akin, Maxpein," sarkastikong baling ni Taylor kay

Taguro.

Ngunit ganoon na lang ang gulat ko nang bigla niya akong itulak at tutukan ng baril. Naitabing ko ang mga kamay ko sa ulo at napabaluktot ako na para bang hindi ako tatamaan sa gano'ng posisyon. Nang wala akong maramdaman ay muli ko siyang tiningala at nakita ko silang nag-aagawan ni Taguro sa baril. Mabilis at sabay-sabay na nagsipagsuguran ang ilan pa sa mga kasamahan ni Taylor at agad na pinaghahampas si Taguro sa likod, tiyan, binti, hita, braso, ulo at sa kung saan-saang parte pa ng katawan niya.

Sinubukan kong bumangon ngunit 'ayun na si Eerah. Bago ko pa man siya mapigilan ay hinampas niya na ang hawak na bat sa dibdib ko. Napasigaw ako sa sakit at nagpaikot-ikot sa sahig.

Parang dinudurog ang puso nang sandaling iyon. Masakit para sa 'king makita ang sitwasyong naming lahat. Mas masakit para sa 'kin dahil wala akong kakayahan at wala akong magawa kundi ang lumuha at manood na lang.

Sinikap tumayo ni Heurt upang tumulong ngunit agad siyang pinaputukan sa kamay ni Taylor! **"Parang ayaw kong paniwalaan ang sinasabi ng mga kasamahan ko na malupit ka raw?"** tukoy niya kay Heurt na noon ay walang emosyong nakatitig sa kaniya. Ngunit hindi rin magawang kumilos dahil sa sakit at panghihina. Hindi ko nabilang kung ilang beses silang pinagpapalo ni Maxwell gamit ang baseball bat. Pero hindi na ako magugulat kung mababalitaan kong may bali ang mga buto nila.

"Pagsama-samahin iyan!" utos ni Cargosin mayamaya.

Hindi maipinta ang kaniyang mukha dahil sa sakit na iniinda. Hindi niya rin magawang maglakad nang ayos, hindi lang iika-ika kundo panay ang pagtumba niya at pagpipilit na tumayo. Sunod-sunod din ang pagmumura niya saka susulyapan si Taguro na noon ay patuloy pa ring binubugbog ng mga kasamahan niya.

Kumilos ang mga tauhan at unang nilapitan sina Randall at mga bata. Dagli akong napatayo nang makita kong pare-pareho nang walang malay ang mga ito at basta na lang nakahiga sa malamig na semento.

"Randall!" tawag ko.

"Diyan ka lang!" tinutukan ako ng tanto ni Eerah sa leeg.

Mabilis na tumulo ang mga luha ko sa sitwasyon ng dalawang bata. Lalo na nang makita ko ang pangingitim ng mga labi ni RD! Samantalang ang mga taong ito ay basta na lang pinulot ang dalawang bata at inilapit sa 'min.

Nang akmang ibabato ng isa sa kanila si RD ay biglang napatayo si Maxwell at kinuha ito sa kaniya. Pero napatimbawang nang bigla siyang sipain ng tauhan sa likuran. Nakita ko kung paano siyang napapikit dahil sa sakit, nahihirapan habang pinoproteksyunan ang hawak na si RD. Tiniis niya iyon at mas inintindi ang bata.

Gustuhin ko man ay hindi ko nagawang lumapit dahil sa patalim sa lalamunan ko. Nilingon ko si Maxwell. Gamit ang isang kamay ay hinubad niya ang coat sa kaliwa, inilipat ng pagkarga si RD at tuluyang hinubad ang suot niya. Doon ay ligtas niyang inihiga si RD at pinakinggan sa bibig at tainga. Mayamaya lang ay ibinuka niya ang bibig ni RD at binugahan. Pinindot-pindot sa dibdib at muling pinakinggan. Paulit-ulit niya iyong ginawa at hindi ko halos makita dahil sa nanlalabo kong mga mata. Gumagalaw na ang paligid ko sa sobrang pagkahilo pero nilalabanan ko iyon para makita ang sitwasyon ng pamangkin ko.

Nakahinga lang ako nang maluwag nang sa wakas ay umiyak muli si RD. Agad niyang isinunod sina Rhumzell at Randall na bagaman mas natagalan ay muling bumalik ang malay.

"Let us go!" sigaw ni Maxwell kay Cargosin.

"No. You will die here," mariin nitong tugon.

Noon ko lang muling nasulyapan si Taguro na kasalukuyan nang nakahiga sa semento. Hindi na makadilat at hindi na rin makakilos.

"Taguro!" bulalas ko pero mas dumiin pa ang patalim sa lalamunan ko. **"Taguro!"** luhaan nang sigaw ko.

"Sinabi nang diyan ka lang!" nanggagalaiting sigaw ni Eerah. Nakita ko ang ilan sa mga tauhan na nagbato muli ng bote na mayamaya lang ay dumagdag sa usok. **"Let's go!"** anunsyo ni Eerah saka dahan-dahang lumayo sa 'kin.

Nasulyapan ko si Taylor na idinidikit ang kung ano-anong itim na device sa bawat poste. At napagtanto ko lang na bomba ang mga iyon nang magliwanag ang numero sa maliit na screen.

"*Andwae...*" mahinang usal ko. **"May bomba sila,"** baling ko sa katabi kong si Heurt.

Paatras na naglakad ang mga Rewis papalayo sa amin. Ang mga baril at patalim ay nakatutok pa rin sa gawi naming lahat. Umatras nang umatras hanggang sa marating nila ang kani-kanilang sasakyan. Nang magsipagbuhayan ang mga makina niyon ay dagling kumilos si Heurt at

gumagapang na lumapit sa kaniyang anak. Sinikap kong tumayo para makalapit kay Taguro.

Bugbog na bugbog na ang mukha niya na halos hindi ko na makilala pa. **"Taguro!"** niyakap ko ang mukha niya, naramdaman ko ang pagkilos niya.

"Masakit, king ina naman!" singhal niya. Sa pagkamangha ko ay natulala ako sa kaniya.

"Taguro, may itinanim na bomba si Taylor. Sasabog tayo dito," hirap kong sabi.

Napalingon siya sa mga posteng kinaroroonan ng mga bomba saka pinilit ang sariling makatayo gamit ang mga kamay niya. Umubo siya nang umubo matapos bumagsak una ang dibdib. Pinilit kong tumayo, hindi ko man lang maramdaman ang masasakit sa iba't ibang parte ng katawan ko, saka ko siya tinulungang bumangon.

"Kailangan nating makaalis dito," sabi ni Taguro na isa-isang tiningnan ang mga kasamahan. **"*Gwaenchanna*?"** tanong niya sa mga kapatid na noon ay nagsipagtanguhan lang.

"Maxrill!" tawag ni Maxwell. **"Maxrill! Ya! Ya!"** Tuluyan nang nawalan ng malay si Maxrill. **"We have get out here now!"**

Marahang inihiga ni Maxwell si Maxrill saka inuna ang dalawang bata. Ngunit hindi pa man siya tuluyang nakabababa sa pataas na parte ng parking lot ay napayuko na siya nang umulan ng bala.

"The gates are locked!" nababaliw nang sigaw ni Randall na noon ay patumba-tumba kung maglakad.

Halos hindi na kami magkakitaan sa sobrang kapal ng usok. **"May apat na minuto na lang tayo, Taguro. Kailangan nating kumilos."** Binuhat ko siya at kahit mahirap pa ay nagawa ko siyang itakbo papalapit kay Randall kung saan kakaunti ang usok.

Kaming dalawa ni Maxwell ang umakay at nagbuhat sa lahat papunta sa gawi kung saan hindi pa ganoon kakapal ang usok. Pero hindi pa man namin tuluyang nabubuhat si Mokz ay isa-isa na kaming bumagsak. Nagsisikip na ang paghinga ko. Hindi ko na rin maramdaman ang pagkilos ni Taguro. Kanina ay umuubo pa sina Mokz at Maxwell ngunit ngayon ay pareho na silang tahimik. Maging ang pag-iyak ni RD ay nawala na naman. Ang tanging nangingibabaw sa pandinig ko ay ang sumisingaw na mga tangke at paulit-ulit na beep mula sa mga bomba.

Ilang saglit pa nang maramdaman ko ang unti-unting pagkawala ng malay ko.

Ngunit napakislot ako at animong naghihingalo nang mapamulat ako sa gulat dahil sa umulang bala. Pero nasisiguro kong hindi dito sa loob ng parking lot nagmula iyon. Ay ilang sandali lang ay narinig ko ang papahina nang papahinang pagtakbo papalapit sa gawi namin.

"Maxpein!" tinig ni Lovemir. **"Wake up! Wake up!"** paulit-ulit niyang sabi hanggang sa makaramdam ako ng sampal sa mukha ko. **"Gumising ka!"** sabi niya.

Nang magmulat ako ay hindi ko halos siya makita. Naramdaman ko nang buhatin niya ako at itakbo. Tumutulo ang laway ko habang pasan niya ako at nang maramdaman ko ang malamig na hangin sa balat ko ay dagling gumaan ang dibdib ko. Sunod-sunod ang pag-ubo ko pero matindi pa rin ang pagkahilo.

"Deib Lohr? Wake up," nangibabaw na naman ang tinig ni Lovemir.

Sinikap kong bumalik sa huwisyo, at namangha nang makitang halos lahat kami ay nasa labas na. Bagaman wala pa ring malay ang iba ay nasa kalsada na kaming pare-pareho.

"Nasa'n si Taguro?" nahihirapan kong tanong.

Hindi siya sumagot at sa halip ay lumingon sa pinanggalingan namin. At 'ayun si Taguro, halos mapaluhod sa paglalakad habang akay-akay si Mokz.

"Maxpein!" sa hindi inaasahan ay muling nangibabaw ang tinig ni Taylor.

Sabay-sabay kaming nag-angat ng tingin upang hanapin ito. At nagulat nang makita itong nakaangkas sa humaharurot na motor. Nakangisi siya kay Taguro na noon ay nakaluhod at yukong-yuko habang bahagyang pasan si Mokz.

"Magpaalam ka na sa pinakamamahal mong lolo," ani Taylor at saka pinahinto ang motor. Nakita ng lahat nang hilahin niya ang pin ng hawak na dinamita.

"No..." bulalas ni Maxwell. **"No! No! No!"** Patakbo siyang lumapit kay Taylor ngunit tumimbawang muli sa isang sipa lang nito.

Nakangising pinagulong ni Taylor ang dinamita sa itim na sasakyan na noon ay hindi man lang namin namalayan! Bumukas ang ilaw sa loob ng sasakyan at tumambad si Chairman Moon na noon ay deretsong nakatingin at nakangiti kay Tagruo.

"*Hwejang-nim*!" sigaw ni Taguro at saka binitawan si Mokz.

Bumagal ang lahat sa paningin ko nang makita ko ang pagtakbo ni Taguro papalapit sa sasakyang nasa kabilang linya. Sinabayan siya ni

Lovemir, umaaasang may maitutulong. Ngunit sabay silang tumilapon nang bigla iyong sumabog.

"*Nosotros estamos decepcionado de ti,* Lovemir!" singhal ni Taylor at saka walang alinlangang binaril sa dibdib.

Hindi ko na nagawang isipin ang iba pa. Natulala ako sa umaapoy nang sasakyan kung saan nakasakay si Chairman Moon kanina lang. Mabilis na nagkagulo ang mga tao at napanood ko pa nang humarurot papalayo sina Taylor. Pero alinman sa mga iyon ay hindi ko na nagawang pagtuunan ng pansin. Mas matinding sakit ang naramdaman ko sa puso dahilan para mapaiyak ako nang walang emosyon.

~ To be Continued. . . ~

OceanofPDF.com

CHAPTER 217

CHAPTER 217
DEIN'S POV

"YOBOSEYO?" kabadong sinagot ni President Moon ang tawag sa kaniyang telepono.

Lahat kaming natira ay nasa mansyon nila. Ipinasundo kami mismo ni Maze para manatili sa iisang lugar. Wala ni isa samin ang nagdalawang-isip at sa halip ay agad na sumunod sa kaniya. Bagaman sama-sama, walang gumagawa ng ingay maski isa sa amin. Tahimik kaming nagharap-harap at pare-parehong nalunod sa malalim na pag-iisip.

Napahawak si mommy sa kamay ko, humawak din ako sa kaniya. Nararamdaman namin ang panginginig at takot ng isa't isa. Ang pananahimik ni Maze habang nakikinig sa kabilang linya ay dumaragdag sa takot namin. Takot na baka hindi namin magustuhan ang ibabalita ng tumawag.

"What is it?" kalmadong tanong ni More ngunit walang natanggap na sagot mula sa kaniyang asawa.

Napatitig ang lahat kay Maze, hinihintay na magsalita siya habang nakikinig pa rin sa kabilang linya. Nasaksihan naming lahat nang kumibot-kibot ang kaniyang labi. Titig na titig siya sa kung saan, deretso lang. Mababasa ang gulat sa kaniyang mga mata. Ngunit ang gulat niya ay hindi nagtagal, agad na napalitan ng galit.

Ang lahat ay kinabahan nang biglang mapatayo si President Moon. Ang isang kamay niya ay biglang kumuyom, habang ang isa na siyang may hawak ng telepono ay nagsimula nang manginig. Nanginig ang labi niya hanggang sa magtiim ang panga, at nagsimulang mangilid ang kaniyang luha sa kabila ng galit niyang mga mata.

Napatayo si More at atat na tinitigan ang asawa. Nahinto lang siya nang ibaba ni Maze ang linya at deretso ring tumingin sa kaniya. Hindi agad nagbitiw ng salita si Maze. Ilang beses pa siyang huminga nang malalim upang mapigilan ang nagbabadyang pagbagsak ng kaniyang mga luha.

"Malhe," bagaman mahina ay dinig naming ani More.

Tumitig si Maze sa mga mata ng asawa. Lalong nangilid ang mga luha sa kaniyang mga mata pero naro'n ang pagpipigil. Paulit-ulit siyang lumunok, nagtaas pa ng noo bago umayos ng tindig. Hindi na yata mawawala kay Maze ang elegante niyang kilos. Sa gano'ng paraan niya marahil pinalalakas ang loob.

"*Hwejang-nimeun*..." Iyon pa lang ang nasasabi ni Maze ay nahawakan na siya ni More sa magkabilang braso. Dahilan para hindi kayanin ni Maze ang gustong sabihin. Bigla na lang siyang napayakap sa asawa at nagsimulang umiyak.

Ano ang nangyari sa Chairman? God, please help us.

"Where are they?" mahinang tanong ni More pero mararamdaman doon ang gigil.

"Kararating lang nila sa BIS Hospital," ani Maze habang tahimik na umiiyak. Nakita ko ang paghigpit ng hawak ni More sa asawa.

Napalingon ako kay mommy, hindi ko naitago ang matinding pag-aalala ko. Gustong-gusto kong magtanong tungkol sa anak ko pero hindi sapat ang lakas ng aking loob. Nahihiya ako at natatakot. Hindi ko na kailangang kumpirmahin pa, mukhang may nangyaring hindi maganda. Wala akong nagawa kundi ang lumuha.

Walang sandaling sinayang sina Maze at More, agad nila kaming pinakilos. Sa daan papunta kung saan naro'n daw ang mga kasamahan namin ay nangibabaw ang nakabibinging katahimikan. Gamit ang limousine ay isinabay kami ng Moon. Hindi ko mapangalanan ang pakiramdam. Parang gusto kong himatayin kahit wala pa akong nalalaman. Tahimik lang ang lahat at nakatingin sa kung saan-saan. May kani-kaniyang mundo.

Wala pang beinte minutos ay narating namin ang BISH. Sa puso ko ay iyon na ang pinakamatagal na sandaling ibinyahe ko. Doon lang yata uli nakakilos ang lahat, nagsipaglingunan kami sa paligid.

Pinangingilidan na agad ako ng luha. Ang nagtatanong na paningin ko ay na kay President Moon, hinihintay kong sumagot siya pero nakatingala lang siya sa ospital. Muli akong napahawak kay mommy. Natatakot ako sa posibleng dahilan kung bakit dito na kami dumeretso.

Tapos na...may nangyari na. Ano ang nangyari? Bakit dito kami pumunta? Nasa'n ang anak ko? Kumusta ang asawa at kapatid ko? Paano ang iba pa? Diyos ko, sana ay ligtas silang lahat.

Gustong-gusto kong isigaw ang laman ng aking isip pero naiintindihan ko pa rin ang sitwasyon kahit na papaano. Umiiyak ang kalooban ko,

naghihinagpis ang kaluluwa ko. Pakiramdam ko ay bibiglain na lang nila ako dahil hindi rin nila masabi kung ano ang nangyari.

Napatingin ako sa driver nang hindi pa rin ito humihinto. Doon ko nabatid na naghahanap ito ng mapaparadahan dahil masyadong mahaba ang sasakyan. Hindi na ako nakapaghintay pa, nagmadali na akong bumaba. Dumeretso agad ako sa E.R. upang doon ay muli lang matigilan.

"Randall!" sigaw ko nang mamataan ko agad ito. Hindi ako nahirapan dahil nasa bungad lang siya.

Nagawa niya akong harapin pero agad dumako sa kama ang paningin ko. Doon ay nakita ko sina Rhumzell at RD na nasa magkatabing kama. Parehong marungis at walang malay. Agad na kumabog ang puso ko, pakiramdam ko ay pinipiga ito. Kusang tumulo ang mga luha ko kasabay nang panginginig nga mga kalamnan ko. Napakasakit para sa 'kin na makita ang mga bata, lalo na ang anak ko sa gano'ng sitwasyon.

Hinarap ko si Randall at wala sa sariling pinaghahampas sa dibdib. **"Ano ang nangyari? Ano ang nangyari sa kanila! Ano ang ginawa nila sa anak ko? Mga hayop sila! Bakit hindi mo agad sinabi, Randall!"** sigaw ko. **"Anong nangyari sa anak ko, Randall! Anong ginawa nila sa anak ko!"** paghuhurumintado ko.

Tinanggap lang ni Randall ang galit ko hanggang sa ako na ang kusang huminto. **"Hon, please, calm down,"** luhaang aniya. **"They're fine now."**

Natigilan ako ngunit hindi ang mga luha ko. Nilingon ko ang dalawang bata saka ako napatingin sa doktor sa tabi at tumitingin sa kanila. Nakangiti na ito at sandaling tinatapos ang ginagawa para lumapit sa 'kin.

"Salamat sa basic life support, naisalba agad ang buhay ng mga bata." Napapabuntong-hininga iyong sinabi ng doktor. **"Ngunit ikinalulungkot ko ang tungkol sa mga kasama mo, Mr. Echavez. Excuse me. I have more patients to attend to."**

Gulat kong nasundan ng tingin ang doktor at saka ako natitigilang napalingon kay Randall. Bahagya nang nakayuko ang ulo niya at hindi mahinto ang mga luha. Doon ko lang tuluyang natitigan ang kaniyang kabuuan at gusto ko agad magsisi dahil nadagdagan ko ang sakit ng katawan niya. Wala na halos paglagyan ang galos at pasa sa nakalantad na niyang balat. Gula-gulanit ang damit at halatang nanggaling sa hindi kanais-nais na sitwasyon. Kung hindi ko lang siya asawa ay pwede siyang mapagkamalang taong-grasa.

"Randall," nahawakan ko ang braso niya saka muling pinagmasdan ang kabuuan niya. **"Honey... Honey, I'm sorry."**

Pero ipinagtataka ko ang tuloy-tuloy na pagbuhos ng luha niya. Kunot-noo ko siyang tinitigan, humihikbi siya at maya't maya ang pagpupunas ng luha at sipon na panay ang pagtulo sa kaniyang mukha. Sunod-sunod ang matunog na paghikbi niya at talagang umaangat ang mga balikat niya, pinahihirapan siyang magsalita. Noon ko lang ulit nakita si Randall na ganoon kaemosyonal at nasasaktan.

Siguro ay nag-alala siya nang todo para sa dalawang bata. Bakit ba hindi ko naisip 'yon? Dapat ay maging thankful pa ako dahil safe ang anak ko at kapatid niya.

"Honey, I'm sorry," yumakap ako sa kaniya.

Nang sandali ring iyon ay pumasok sina Maze at More, kasabay ng parents naming pareho ni Randall. Napalingon ako kay President Maze, sa unang pagkakataon ay nakita ko silang naghawak ng kamay ni More.

Lumapit agad sila sa 'min ni Randall. **"Where is Chairman Moon?"**

Luhaang tumingin si Randall kay More. Lalong tumindi ang pag-iyak at paghikbi niya, naging mas matunog, ibinabalik ako sa sandali kung saan ko siya unang nakita sa gano'ng sitwasyon. Nang mamatay ang daddy niya. Hindi ko maintindihan kung bakit gano'n na lang ang pagtindi ng pag-iyak niya. At huli na nang maisip ko ang lagay nila.

Humikbi nang humikbi si Randall at walang sali-salitang nilingon ang huling hospital bed. Sabay-sabay naming nilingon ang gawing iyon at parang mga wala sa sariling nag-unahan papalapit.

Palibhasa'y may curtain sa pagitan ang mga kama, noon ko lang nakita sina Deib, Maxwell, Heurt, Mokz, Maxrill at Maxpein na nasa magkakasunod na kama. At ganoon pa ang gulat ko nang makita ko ang tinutukoy nilang si Lovemir sa sumunod na kama pa!

"What is he doing here?" galit kong singhal kay Randall, iyong kaming dalawa lang ang makaririnig. **"He should be in jail, Randall!"**

"Listen, honey. Please. 'Wag muna ngayon. Okay? We will talk later. I will tell you everything," umiiyak na sabi niya. Hinaplos niya ang pisngi ko habang ang mga daliri niya ay bahagyang nakapaloob sa aking buhok saka niya ako hinalikan sa noo.

Naguguluhan akong umiling. **"What do you mean not now?"**

Pero hindi ko na nagawang usisain pa siya nang umalingawngaw ang emosyonal na paghagulgol ni Maze. Kusang tumulo ang mga luha ko

matapos marinig ang pag-iyak niya. Na para bang nakakahawa ang kaniyang pag-iyak. Iyon 'yong iyak na para bang umuungol nang sobrang lakas, pinatatahimik at pinaiiyak ang lahat nang nakaririnig at nakakakita.

Nagmadali akong pumunta sa kabila pang kama at gano'n na lang ang gulat ko nang makita ang Chairman--o kung si Chairman Moon nga ba iyon! Agad akong napaatras sa gulat.

"Oh, my God!" natakpan ko ang sarili kong bibig.

Gulat na gulat ako at hindi makapaniwala sa aking nakikita. Paulit-ulit kong pinunasan ang mga luha ko at saka muling tinitigan ang katawang nakahiga sa huling kama. Hindi ko na halos makilala dahil parang nalusaw ang kalahating bahagi ng katawan niya, mula ulo hanggang paa, bukod sa nangingitim pa. Ang pinakamatinding naapektuhan ay ang parte ng mukha. Hindi lang iyon dahil wala na sa ayos ang ibang parte ng katawan niya. Bali ang kaliwang hita at hindi na maayos ang pagkakakabit ng kanang braso sa balikat.

Parang nauupos na napaupo si More habang ang kamay ay nakahawak sa paa ng kaniyang ama, at doon ay lumuha nang lumuha. Matunog at punong-puno ng damdamin. Lalo pa akong nahawa. Gaya nila ay napahagulgol na lang din ako nang hindi ko namamalayan.

Napatalikod si mommy at umiiyak na yumakap kay daddy. Si Tita Dayzelle din ay umiyak nang umiyak sa tabi ng kaniyang ama. Habang ako naman ay hindi pa rin makapaniwala sa nakikita at nang hindi ko na makayanang panoorin ang pagsasalba ng mga doktor kay Chairman Moon ay napayapos na lang din ako kay Randall.

"Hindi ko alam na nando'n din siya," humihikbing ani Randall. Napahigpit ang pagkakayakap ko sa kaniya. **"Hindi ko alam. I'm so sorry. Kung nalaman ko lang sana nang maaga..."** Lalong napahagulgol ang lahat sa sinabi niya.

Hindi ko na magawang panoorin nang matagal ang ginagawa ng limang doktor na nakapalibot kay Chairman Moon. Naririnig ko ang paulit-ulit nilang pagmamadali para mapatibok muli ang puso ng senyor. Lalo kong naramdaman ang mahigpit na pagpiga sa puso ko. Kalunos-lunos ang hitsura ng Chairman at sinuman sa 'min ay hindi siya matagalang tingnan.

"Maxpein," tinig ni Tita Dayzelle.

Sabay-sabay kaming napalingon sa likuran ko at 'ayun nga si Maxpein na kunot na kunot ang noo. Marungis, mas maraming galos at sugat kompara

kay Randall, wala sa sarili at tila may hinahanap. Nagkumahog siyang tingnan ang nasa likod ng mga kurtina hanggang sa makarating sa dulo.

"Chairman!" sigaw niya, panay ang lingon. **"Chairman!"** dagdag niya na mabilis pinangilidan ng mga luha.

Sandali kaming tiningnan ni Maxpein bago nilingon sina Maze at More na noon ay wala pa ring hinto sa pag-iyak. Napanood ko kung gaano kabilis nabahiran ng hapis at panlulumo ang mukha niya. Hinawi niya ang kurtina at tiningnan ang kabuuan ng Chairman.

Napahawak siya sa siderails at doon dahan-dahang bumagsak sa kaniyang mga paa. **"*An...dwae,*"** iiling-iling, luhaan at nagagalit na bulong niya saka isinigaw ang salitang iyon nang pagkalakas-lakas.

Agad na tumayo si More at pinigilan ang anak nang akma itong yayakap sa Chairman. Nagpumilit si Maxpein na maabot ang kaniyang lolo. Pero sa sandaling iyon ay mas malakas sa kaniya si More dahil nagawa nitong pigilan siya sa paglapit.

Natahimik ang buong Emergency Room, tanging ang paghagulgol namin ang maririnig. Palakas nang palakas at mararamdaman ang matinding sakit na pinagdaraanan. Pero hindi namin malaman kung ano ang gagawin para maibsan ang sakit na pinagdudusahan nila. Wala kaming magawa kundi ang umiyak, masaktan at malungkot na lang.

"Lets bring him upstairs," anunsyo ng isang doktor mayamaya, agad na natigilan ang lahat.

"How is he?" aligagang tanong ni Chairman Enrile.

"He's..." Napabuntong-hininga ang doktor. **"He needs to be monitored. He needs our full medical attention."** Saka siya tumingin sa lahat ng naro'n.

Tumayo si Maxpein at lumapit sa kaniya. **"I am begging you,"** hirap na hirap na aniya habang lumuluha. **"Please...do everything."**

Lumuha ako nang lumuha. Noon ko lang nakita si Pein na magmakaawa sa taong kaharap niya. Ngayon ko lang nakita si Pein na wala maski lakas ng loob. Ang Pein na nakikita ko ngayon ay walang lakas, walang abilidad, walang kapangyarihan kundi normal lang. Normal na taong nasasaktan dahil sa sitwasyon ng mahal niya sa buhay.

Huminga nang malalim ang doktor at emosyonal na tumingin sa kaniya. **"We will do our best. This is not going to be easy, Ms. Del Valle. 80% of the Chairman's body was badly burned."** Tumango ito at tinapik ang balikat ni Maxpein. **"Prepare the isolation room,"** utos nito sa nurse.

Nagmadaling kumilos ang mga tao, lahat ay ang Chairman ang inaasikaso. Noon lang may nagsipagdatingang mga doktor para asikasuhin at tingnan ang iba pa naming mga kasamahan. Si Pein ay nagmatigas, ayaw niyang mahiga sa kama. At matagal bago siya napapayag na pumirmi sa wheel chair para matingnan at mabigyan ng oxygen. Hindi ko man lang makitang may iniinda siyang pisikal na sakit. Kahit ang ilan sa mga sugat niya ay may tumutulong dugo pa. May mga sugat siyang kailangang linisan agad, kailangang magamot at may kailangang matahi. Pero anuman sa mga iyon ay binale-wala ni Pein. Dahil ang lahat ng sakit na nararamdaman niya ay makikita sa bawat luhang pumapatak sa kaniyang mga mata.

DEIB LOHR'S POV

"MOMMY," tawag ko nang magising ako.

"Deib Lohr, anak!" umiiyak siyang lumapit sa 'kin kasunod sina daddy at *Noona*.

"Nasa'n si Taguro?" agad kong iginala ang paningin ko.

Hindi nila ako sinagot. Umiyak agad sina mommy at *Noona*. Habang si daddy ay nag-iwas ng tingin sa 'kin. Pinilit kong tumayo kahit nararamdaman ko pa rin ang hilo. Hindi iyon 'yong hilo na nararamdaman ko kapag may tama ako ng alak. Kakaiba ito. Maging ang sakit sa iba't ibang parte ng katawan ko ay kakaiba. Nakapanghihina nang sobra at hinihila ako papahiga.

Pero pinili kong bumangon. Gusto kong makompirma na maayos ang lagay ni Taguro. Gusto ko siyang makita at makausap. Gusto kong malaman kung ano na ang nangyari.

"Nasa'n si Taguro, mommy?" gilalas ko.

"Nasa 'taas sila," humihikbing sabi niya. **"How are you feeling?"**

"I need to see her, mom," giit ko.

Tumango siya. **"Makikita mo rin siya."**

"Kumusta siya?"

"She's...she's fine," nagpupunas siya ng luha pero patuloy na may pumatak sa kaniyang mga mata. **"Ikaw na lang ang hinihintay naming magising."**

"Gusto kong makita si Taguro, mommy," kunot-noong sabi ko.

Muli naman siyang tumango. **"Kaya mo na bang tumayo?"** nag-aalala at naluluha pa ring tanong niya.

Nag-aalinlangan ako pero tumango na rin ako. Nang subukan kong tumayo ay lalo akong nahilo at kung hindi ako nasalo ni daddy ay baka

natumba na ako. Agad na tumakbo si *Noona* at kumuha ng wheel chair. Inalalayan nila ako ni mommy paupo ro'n at saka kinuha ang kung ano-anong nakakabit sa 'kin.

"Nasa'n si Taguro?" muling tanong ko.

"Nasa 'taas siya, pupunta tayo ro'n," ani *Noona*.

Nasapo ko ang aking noo habang nakaupo sa wheel chair. Para akong maduduwal na hindi ko maintindihan. Hindi maayos ang lagay ng katawan ko at kung ano-anong hindi maipaliwanag na sakit ang nararamdaman ko. Pero kahit na ano pa 'yon, ang gusto ko lang ay makita si Taguro. Hindi ako kontento sa narinig kong nasa maayos na lagay siya. Kailangan ko ng kompirmasyon. Kailangang ako mismo ang makakita. Dahil hindi na biro ang pangyayari kanina kung saan halos lahat kami ay nasa bingit ng kamatayan.

"Naka-confine na ang mga bata. Ang ate mo ang tumitingin sa kanila, palitan silang mag-asawa. Ngayon ay si Manang ang naro'n para bantayan sila," sabi ni mommy habang panay ang pagsinghot. Iba na ang tono ng boses niya, parang may sakit at nangongongo pa. **"Sina Randall at Maxwell ay nagmamatigas. Matapos ipagamot ang ilang sugat ay hindi na natigil sa pagbabantay. Iginigiit ng mga doktor na patingnan ang mga buto nila pero wala, matitigas ang ulo. Si Maxrill ay binabantayan ng kaniyang mommy, hindi ganoon kalala ang tinamo niya pero kailangan pa rin siyang bantayan. Mahina pala ang baga ng isang iyon. Maging siya ay naka-confine din."**

Kumuyom ang mga palad ko nang manuot sa alaala ko ang nangyari. Hindi ko alam kung may ideya na sila sa naganap. Pero kung ako ang tatanungin ay hindi pa ako handang balikan iyon. Hindi ko pa kayang balikan ang sandaling iyon kahit sa alaala o kwento lang.

Tahimik ang floor nang lumabas kami sa elevator. Abala ang mga nurse at doktor sa station. Tiningnan lang nila kami at hinayaang pumunta kung saan namin gusto.

Nang kumaliwa kami sa kanto papunta sa mga kwarto ay tumambad sa 'kin ang mga kasamahan namin. Nando'n ang lahat, mga nakaupo sa bench at nakayuko sa kani-kanilang mga tuhod. Namataan ko agad si Taguro na noon ay hindi ko na mapangalanan pa kung anong emosyon ang mababasa sa mukha.

Lumingon sa 'kin sina Lolo Dei Min at Chairman Enrile, mapait na ngumiti sa 'kin. Nakahinga marahil nang maayos kahit paano dahil nagising

na ako. Sina Chairman Echavez at Tita Dayzelle naman ay sandali akong tinanguan saka bumalik sa pagyuko. Kamangha-manghang naro'n na sina Mokz, Heurt, at Maxwell. Pare-parehong nakatingin sa pinto sa kanilang harapan. Tama ang sinabi ni mommy, marami pang kailangang gamutin sa kanila pero 'eto sila at animong naghihintay sa milagro. Dahil sa sandaling iyon ay batid ko na kung sino ang nasa likod ng kwartong iyon, si Chairman Moon.

Pinahinto ko si Noona sa mismong harap ni Taguro. Hindi man lang siya natinag at sa halip ay nanatili sa kung ano ang hitsura niya bago pa man ako dumating. Nakaupo at wala sa sarili. Malalim ang iniisip at nakakaawa ang hitsura. Bago na ang damit na suot niya pero nagmukha pa ring marumi iyon dahil nagmamantsa ang dugo niya.

Nanlulumo akong napatitig sa kaniya. **"Taguro..."** tahimik kong tawag pero hindi siya natinag. **"Babe..."** Hinawakan ko ang kamay niya at doon siya nag-angat ng tingin.

Tumitig siya sa 'kin at nakita ko ang mabilis na pangingilid ng mga luha niya. Umiling siya nang umiling at naramdaman ko ang paghigpit ng pagkapit niya sa mga kamay ko. Hindi niya magawang gagapin nang husto ang kamay ko, nanghihina pa rin siya. Pero nang maramdaman ko ang panginginig at panghihina niya ay alam kong kailangan niya ng kasama.

Sinikap kong tumayo, bago pa man ako matumba ay lumuhod na ako sa harap niya upang yakapin siya. Sa bisig ko ay umiyak siya nang umiyak. Iyong iyak nang nasasaktan. Iyong iyak na walang kakayahang huminto.

Ilang saglit pa ay umiyak na rin ang iba pang naro'n. Ang pinakamalakas na hikbi ay ang kay Tita Dayzelle.

"Hindi ko alam kung ano ang gagawin ko kapag...kapag nawala ang lolo ko, Deib," umiiyak na sabi ni Taguro, naiipit ang paghinga sa pagitan ng ilang salita. Naghihirap ang kalooban at walang magawa.

"Let's pray for him, babe. He will be fine," pagbibigay ko ng lakas ng loob. Hindi ko alam kung tama ba ang mga sinabi ko pero iyon lang ang nakayanan ko. Nang sandali ring iyon ay gusto kong sisihin ang sarili ko sa pagiging inutil sa t'wing papasok sa ganoong klase ng sitwasyon at wala akong nagagawa. Wala akong nagagawa maski para sa sarili ko.

Ipinatong ni Taguro ang magkabilang siko sa tuhod at ipinatong sa mga kamao ang dalawang mata niya. Iyon ang ginamit na pampunas sa kaniyang mga luha. Pero gaya ng iba ay patuloy sa pagdaloy ang hindi maubos niyang luha. Humihikbi si Taguro sa pag-iyak. Pero siya na yata ang

pinakamasakit panoorin na umiyak. Dahil iyong paraan niya nang pag-iyak ay tahimik pero inilalabas ang sakit.

"Sir! Sir! Kailangan niyo pong--Sir!" nangibabaw ang tinig ng isang babae mula sa kaliwa dahilan para mapalingon kaming lahat do'n.

Gano'n na lang katindi ang galit na namuo sa puso ko nang makita ko si Lovemir. Nakasandal ang kanang bahagi ng katawan sa pader at sa gano'ng paraan naglalakad. Ang kaliwang kamay niya ay may hawak na jacket at nakasabit sa kaliwa rin niyang balikat. Kahit gano'n ay hindi matatakpan ang duguan niyang damit. Mukhang naasikaso na rin siya dahil sa gasa sa iba't ibang parte ng mukha at braso niya.

"Sir! Hindi pa po kayo pwedeng umalis!" nag-aalalang pigil sa kaniya ng nurse.

Doon nag-angat ng tingin si Lovemir at eksaktong tumama sa amin. Nakita ko agad ang pamumutla ng mukha niya bago siya magbaba ng tingin. Yumuko siya sandali, nag-ipon ng lakas bago nagpatuloy sa gano'ng paraan ng paglalakad. Gamit ang pader bilang alalay.

Nagsipagtayuan sina Mokz at Heurt bago siya makalapit. Si Noona ay akma ring susugod kay Lovemir pero agad siyang pinigilan ni Randall. May isang dipa ang layo bago siya huminto at muling nag-angat ng tingin sa 'min mula sa pagkakayuko.

"Sir, hindi makabubuti sa inyo ang umalis. Bumalik na ho kayo sa kwarto. Darating pa ang doktor para tingnan kayo, Sir," nag-aalalang pakiusap ng nurse. Halatang natatakot at hindi malaman ang gagawin para mapabalik siya sa kwarto. **"Sir, pakiusap. Bumalik na ho kayo. Baka kung mapaano pa kayo."**

Lumunok si Lovemir na noon ay sobra talaga ang pamumutla. Parang kapag nawalan pa siya ng isang kutsaritang dugo ay ikamamatay niya na.

Dahan-dahan niyang nilingon ang nurse at saka napipilitang ngumiti. Pero hindi nagtagal ang ngiti sa kaniyang labi dahil agad siyang napapikit, biglang may inindang sakit.

"Sir, bumalik na ho kayo sa kwarto ninyo. Ako ang mapapagalitan nito," pakiusap ng nurse na hindi malaman kung hahawakan ba siya o ano. Kakamot-kamot sa ulo at panay ang lingon sa harap at likod. **"Sir naman, bumalik na tayo ro'n sa kwarto ninyo."**

Pero hindi siya pinansin ni Lovemir at sa halip ay muli siyang lumingon sa 'min. Na kay Taguro ang tingin. Matagal akong tumitig kay Lovemir bago ko nilingon si Taguro. Kung kanina ay hindi ko alam kung anong awa

pa ang mararamdaman ko sa kaniya, ngayon ay blangko na naman ang kaniyang mukha.

"Umalis ka na dito," sabi ni Taguro, si Lovemir ang kausap. Nananatili siyang nakayuko paharap sa akin pero lumalampas ang kaniyang tingin. **"Umalis ka na dito bago ka pa mapatay ng pamilya ko. Umalis ka na, bago pa ako makatayo dito, Lovemir Limaco."**

Nakatitig si Lovemir kay Taguro nang lingunin ko. Bahagya siyang ngumisi saka umiling bago muling napapikit dahil sa nararamdamang sakit. Hindi siya nagsalita, hindi niya sinagot si Taguro. Hinawakan niya ang dibdib at inihawak ang kamay sa pader bago lumayo ro'n. Dahan-dahan niyang tinulungan ang sariling makapaglakad papalapit sa 'min saka huminto.

Napatingin ako kay Taguro, sumasama na naman ang tingin sa kaniyang mga mata. Habang ang lahat ay mga nakatingin kay Lovemir at bagaman hindi kumikilos ay mahahalatang galit din. Ako naman ay hindi matukoy kung ano ang mararamdaman ko. Pero isa ang nasisiguro ko, naaawa ako kay Lovemir kahit papaano.

Kahit nahihirapan ay sinikap ni Lovemir na tumango saka tinulungan ang sariling makapaglakad. Humabol pa rin ang nurse sa kaniya pero sa huli ay wala na ring nagawa. May iba pang humabol kay Lovemir pero kinausap ni Chairman Enrile ang mga ito at sinabing hayaan na lang.

Napatitig ako kay Taguro. Hindi ko mapangalan ang emosyon na nakikita ko sa kaniya. Masyadong marami at halo-halo. Sa isip ko ay napakarami ko ring gustong gawin para aluin siya pero hindi ko na alam kung papaano. Nangingibabaw sa 'kin ang hiya. Hindi ko mapigilang isipin na kami ng pamilya ko ang dahilan kung bakit humantong ang lahat sa ganito.

Lihim kong sinulyapan si Chairman Enrile. Nasa kabilang hilera na sila ng bench at gaya namin ay payapang nag-iisip. Magkahawak ang mga kamay niya kung saan naro'n din ang kaniyang paningin. Hindi ko makita sa kaniya ang Chairman Enrile na kinatatakutan ko noon. Inosente ang dating ng lolo ko ngayon.

Ano ang nangyari, Chairman Enrile? Paanong umabot sa ganito? Ano ba ang ginawa mo?

Ilang sandali pa kaming nanatili sa gano'ng sitwasyon. Mga tahimik at naglalayag ang isip. Nang bumukas ang pinto sa harapan namin ay lumabas ang tatlong doktor. Pamilyar ang mga doktor na 'yon sa 'kin at kung hindi ako nagkakamali ay myembro sila ng stockholders at mga tanyag na doktor

sa bansa. Ngayon ko lang sila nakitang humawak ng pasyente, sa ilang beses kong nadala dito sa BISH. Ganoon talaga siguro katindi ang sitwasyon ng Chairman.

Awtomatikong nagsipagtayuan ang lahat at humarap sa kanila, nangunguna sina Maxwell at Taguro. Agad akong kinabahan nang makita ko ang kakaibang reaksyon sa mata ng mga doktor. Pakiramdam ko ay hindi ko kayang marinig ang kung ano mang sasabihin nila.

"Dok, okay na ho ba 'yong lolo ko?" umaasang tanong ni Taguro.

Napabuntong-hininga ang doktor. **"He's still unconscious and we don't know yet kung kailan siya magkakaroon ng malay."**

"Pero magkakamalay pa ho siya, 'di ba?"

Nagkatinginan ang tatlong doktor, halatang hindi alam kung paano ipapaliwanag ang laman ng isip. **"Nagawa naming agapan ang ilan sa mga importanteng parte ng sistema ni Chairman Moon,"** lakas-loob na nagsalita ang isa sa tatlong tatlong.

Naging matunog ang paghinga naming lahat, nabuhayan ng pag-asa.

"Pero," agad niyang dagdag dahilan para muling tumutok ang lahat sa kaniya. **"Hindi ko sinisiguro sa inyo na ligtas na siya ng isandaang porsyento, wala tayo maski sa kalahati niyon."**

"Pero magagawan ninyo ng paraan 'yon, dok, 'di ba?" gumagaralgal na ang tinig ni Taguro bagaman sinisikap ngumiti. **"Dok, hindi pwedeng mamatay ang lolo ko."**

"Chairman Moon's condition is in critical stage and he needs a full-time senior doctor's observation and attention. Kayang-kaya naming ibigay buo naming atensyon pero ang katawan niya pa rin ang magdedesisyon."

"Ano ang ibig ninyong sabihin?"

"Mahina na ang lolo mo, Maxpein," pandederetso ng doktor sa seryoso at istriktong paraan.

Nagbaba ng paningin si Taguro, mula sa tagiliran niya ay nakikita ko ang pangingilid ng mga luha niya. Hinigpitan ko ang pagkakahawak sa kaniyang kamay para iparamdam sa kaniyang hindi siya nag-iisa.

"Matindi ang pinagdaanan niyang hirap," dagdag ng doktor na noon ay si Maxwell naman ang hinaharap. **"Halos lahat ng organs niya ay apektado lalo na ang paghinga."**

"Pwede ba namin siyang makita?" emosyonal na tanong ni Maxwell.

"Sa ganitong lagay niya ay matinding pag-iingat ang kailangan nating pare-pareho. Prone siya sa infection kaya limitadong tao lang ang hahayaan kong makapasok sa loob."

"We understand and thank you very much, Doctor Sullivan." Noon ko lang narinig ang matinding sinseridad ni Maxwell. Emosyonal at totoong nagpapasalamat.

"Sa ngayon ay hahayaan kong pumasok ang dalawa sa inyo. Mukhang hinihintay nga niya kayo," nakangiting sabi ng doktor. **"Hangga't maaari sana ay isa ka ro'n, Maxwell."**

Tumango si Maxwell saka nilingon si Taguro na noon palang nag-angat ng tingin sa kaniya. **"Are you coming with me, Pein?"**

Matagal na tumitig si Taguro sa kapatid. Mabilis na nangilid ang mga luha niya hanggang sa tumulo ang mga iyon. Nilingon niya ang nakasarang pinto. Tumitig siya ro'n na para bang lumalampas sa pinto ang kaniyang paningin at nagagawang panoorin ang lagay ni Chairman Moon. Ilang saglit pa ay nag-angat siya ng noo ay pinigilan ang sariling luha.

Saka siya tumango. **"Let's go,"** mahinang aniya.

Pinagpalit sila ng damit, sinuotan ng kung ano-ano bago pinapasok kasama ng tatlong doktor. Nanatiling nakatayo ang lahat ng naiwan, nagpaikot-ikot sa labas ng kwarto. Binuksan ng isa sa mga doktor ang kurtina sa room window dahilan para makita namin ang nangyayari sa loob. May salaming dibisyon sa gilid ng kama ng Chairman, iyong kalahati lang ng katawan niya ang aming nakikita. Nag-unahan kaming tumayo at lumapit para sumilip sa may kaliitang bintana.

Itinuon ko ang paningin ko kay Taguro na noon ay makikita ang matinding panginginig. Hindi ako makapaniwalang posible palang manginig ang isang tao nang gano'n katindi. Sa layo ng distansya namin ay nasasaksihan ko ang pangangatal ng mga kamay at tuhod niya.

Hindi siya pinabayaan ni Maxwell, mula sa likuran ni Taguro ay hinawakan siya ng kapatid at bahagyang itinulak papalapit sa kama. Pero hindi pa man sila nagtatagal ay pareho na silang bumigay. Napatalikod si Maxwell at umiyak. Si Taguro naman ay natakpan ang bibig bagaman naka-mask at saka yumuko upang sa gano'ng posisyon ilabas ang paghihinagpis ng damdamin. Agad na naluha ang mga nanonood, isa na ako ro'n. Nagsipagyukuan ang pamilya ni Taguro, naging matunog ang pag-iyak ni President Moon.

Yumuko si Taguro, sumubok hawakan sa kamay ang Chairman pero pinigilan siya ng doktor. Wala siyang nagawa kundi titigan ito nang nakatagilid. Pinanood ko ang bawat pagbuka ng bibig ni Taguro nang magsimula itong kausapin ang lolo. Wala akong naririnig, hindi ko rin mabasa ang galaw ng labi niya dahil lahat sila ay mga naka-mask. Pero sa inaakto ni Taguro ay batid kong nagsasalita siya at pilit na kinakausap ang kaniyang lolo.

Ngunit hindi pa man nagtatagal ng isang buong minuto sa loob ang magkapatid ay sumenyas ang isa sa mga doktor. Bigla kaming naalarma nang umilaw ang serena sa ibabaw ng pinto at may bell na biglang nag-ring. Agad din kaming napalingon nang mula sa station ay nagsipagtakbuhan ang ilan sa mga medical staff papasok sa kwarto ni Chairman.

Nagugulat kaming nagtuon ng tingin kina Taguro at Maxwell. Sa isang iglap ay pinapanood ko na si Maxwell na pigilan ang kapatid na lumapit sa kama. Nagpupumiglas si Taguro pero naging mahigpit ang pagkakakapit ni Maxwell dito. Panay ang sigaw ni Taguro dahilan para magambala ang ilang mga pasyente at magsipagsilipan sa mga kwarto.

"What is going on!" bulalas ni Maze. Hindi na nito napigilan ang sariling sumabay sa nurse na papasok sa kwarto.

"CPR!" dinig naming sabi ng isang doktor nang tuluyan nang maiwang bukas ang pinto.

Sunod-sunod na nagsipagpasukan sina Maze, More, Heurt at Mokz sa kwarto ni Chairman Moon. Natutuliro akong sumunod at pumuwesto sa likuran ng mga nurse.

"Remove the dressings!" sumisigaw na ang mga doktor. **"Remove the creams and oinments as much as you can."**

Pero hindi pa man nakakakilos ang doktor na inutusan ng isa pa ay biglang nagkaroon ng pagbabago sa tunog ng machine na nakakabit sa Chairman. Agad na naalerto ang mga doktor at kung ano-ano ang ginawa sa senyor. Kahit anong pilit nilang itago sa 'min ang nangyayari ay nasasaksihan namin ang unti-unting pag-aagaw-buhay ni Chairman Moon.

"Oh, God! Please help him!" bulalas ni Maze.

"Chairman!" sigaw ni Taguro na pilit pa ring kumakawala mula sa pagkakayakap ni Maxwell.

"Doc, please let me help!" sigaw ni Maxwell.

"Mr. del Valle, you are not allowed to do anything," agad na humarang ang isa sa mga doktor para pigilan si Maxwell na makalapit.

"Please let me do something! Please! Please!" pagwawala ni Maxwell, halos itulak ang humarang na doktor para makapalapit siya sa Chairman. Ngunit nang sumenyas ang doktor sa dalawang lalaking nurse ay hinawakan ng mga ito upang pigilan sa paglapit si Maxwell.

"Buhayin mo siya, Maxwell!" hinawakan ni Taguro sa kwelyo ang kapatid. Umiiyak na pinagmakaawaan ito. **"Buhayin mo si Chairman!"**

Ngunit hindi na nagawang sumagot pa nito. **"No! No! No!"** sumigaw si Maxwell nang mangibabaw ang matining na tunog na iyon mula sa monitor. Na siya ring senyales sa tuluyang pagkalagot ng hininga at paghinto sa pagtibok ng puso ni Chairman Moon.

Natigil sa paghuhurumintado si Taguro. Hawak pa rin niya sa kwelyo si Maxwell pero nakalingon na siya kay Chairman Moon. Dahan-dahan niyang nabitiwan si Maxwell saka unti-unting hinarap ang kama. Gaya ng iba ay hindi makapaniwala si Taguro, hindi malaman kung anong reaksyon at emosyon ang ilalabas sa sandaling iyon.

Pinanood namin ang doktor na pakinggang muli ang tibok ng puso at paghinga ni Chairman Moon. Ibinuka rin nito ang mga mata ng senyor at tinapatan ng flashlight. Nang hindi tumugon ang Chairman ay bumuntong-hininga ito at lumunok. Tumingin muna siya kina Mokz, More at Maze bago nilingon ang nurse sa kaniyang tabi.

"I didn't expect it to be this early," nalilitong sabi ng doktor. **"I am very sorry but we already did everything that we can."** Saka ito bumaling sa nurse. **"Time of death,"** mahinang sabi ng doktor saka tiningnan ang relo. **"4:45 AM."**

Sandali pang tumingin sa lahat ng naro'n ang mga doktor saka isa-isang nagsipag-alisan. Tinapik ni Doctor Sullivan sa balikat si Mokz saka kami tuluyang iniwan.

Naging matunog ang paghinga ni Maxwell, natitigilang nakatingin sa lolo. Unti-unti namang lumalakas ang pigil na paghagulgol ni Maze. Habang si Taguro ay dahan-dahang lumalapit sa kama ni Chairman Moon.

Napatitig ako sa Chairman. Nakapikit na ang mga mata niya at hindi ko magawang tagalan ang kahabag-habag niyang hitsura. Agad kong napunasan ang mga luha ko at saka ako nag-iwas ng tingin.

"Dad..." Lumapit si More at yinakap ang ama. Noon ko lang siya nakitang lumuha nang lumuha dahil sa matinding sakit na nadarama.

Napasigaw sa pag-iyak si Taguro, sumabay sa paghagulgol ang mga naro'n pati na rin ako. Kahit anong pag-alalay ni Maxwell ay hindi niya na

magawang pigilan ang kapatid dahil na rin sa panghihina. Sumigaw nang sumigaw si Taguro, pilit na tinatawag ang kaniyang lolo pero wala na siyang natatanggap na tugon mula rito.

Napuno ang kwartong iyon ng pag-iyak, paghagulgol at pagluha. Paulit-ulit na nababanggit ang pagtawag sa Chairman pero nakalulungkot na ni isa sa kanila ay hindi na makatanggap pa ng tugon mula rito. Napakahirap paniwalaan na totoong wala na ito. Hindi mawala sa isip ko ang imahe nitong nakalingon at nakangiti sa akin.

Napaluha ako nang maalala ko ang huling sandali na nakita ko siyang nakangiti at nakatingin kay Taguro. Iyon na ang pinakamagandang ngiti niya na nakita ko. Na kahit may ilang dipa ang layo ay nakikita at naidedetalye ko sa isip. Malinaw na malinaw kong nakita ang maganda niyang ngiti at hindi ko na kailanman malilimutan iyon.

Kinuha ni Taguro ang kamay ni Chairman Moon at paulit-ulit iyong inihaplos sa pisngi nga. Napalunok ako habang pinipigilan ang pagpatak ng mga luha ko. Bagaman sa ibang lenggwahe ay naiintindihan ko ang mga sinasabi niya. Paulit-ulit niyang pinakikiusapan ang Chairman na bumalik.

Mayamaya pa ay lumapit na rin si Maze. Hinawakan niya ang Chairman sa kabilang kamay at gaya ni Taguro ay inihawak sa kaniyang pisngi ang halos lusaw na nitong kamay. Gaya rin ni Taguro, pinakikiusapan niya itong magsalita at kausapin sila uli.

Pero halos beinte minutos na ang lumipas, nang nasa ganoon pa ring sitwasyon ang lahat, walang nagbago sa nangyayari. Totoong wala na ang Chairman ng mga Moon.

"Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang magkaganito!" umiiyak na gilalas ni Maze habang nakatingin kay Mokz.

Nananatili siyang nakaupo sa tabi ng Chairman, hawak pa rin ang kamay nito sa kaniyang pisngi. Luhaan man ay makikita ang paghihinagpis sa galit sa kaniyang mga mata.

Tumayo si Maze at hinarap ang ama. **"Dad, bakit kailangang mangyari ito? Bakit umabot sa ganito?"** umiiyak niyang tanong. **"Bakit wala kayong ginawa?"**

"Maze..." Sinubukang hawakan ni Mokz ang anak pero umiwas ito.

"Heurt?" umiiyak na pagtawag ni Maze. **"This is impossible! Napakarami ninyo at..."** Umiling siya nang umiling habang umiiyak at sapo-sapo ang noo. **"Bakit humantong sa ganito? Hindi ko maintindihan! Hindi ko magawang paniwalaan!"**

Nagbaba muna ng tingin si Heurt saka tinanaw ang pumanaw na Chairman. **"Magmula pa lang dito sa ospital ay may nakasunod na sa 'tin, Maze. Sinundan nila tayo pauwi hanggang sa muli kaming umalis nang malaman nating wala ro'n ang Chairman at anak mo. Matagumpay naming pinasok ni Maxwell ang lugar pero wala pa man kaming nagagawa ay sinugod na nila kami. Kayang-kaya kong lumaban, Maze,"** tinitigan niya ito sa mga mata. **"Pero nang banggitin nila sa 'min ang lagay ng Chairman ay hindi na ako kumilos pa."**

"They told us the Chairman's situation," sabat ni Maxwell. **"Kung alam ko lang na hindi totoong maraming bomba na nakakabit sa katawan niya...fuck!"** Tumalikod si Maxwell at pinagsusuntok ang pader. Nang makontento ay yumuko siya ro'n at doon umiyak.

"Naging mahirap para sa 'min ang kumilos at lumaban dahil ginagamit nila ang Chairman. Sa sandaling iyon ay mas pinili kong maging inutil basta ligtas ang Chairman," dagdag ni Heurt. **"Ngayon ko lang pinagsisisihang nagpadala ako sa panlilinlang nila."**

Muli silang nagsipag-iyakan. Nilingon ko naman si Taguro na noon ay nakatingin lang sa Chairman at hinahayaan ang sariling lumuha. Minabuti kong iwan na muna ang pamilya nila sa kwartong iyon. Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko. Nasasaktan ako, nalulungkot at nanghihinayang sa nangyari. Pero nangingibabaw talaga sa 'kin ang hiya.

Eksaktong tumayo si Chairman Enrile nang makalabas ako. **"Sa tingin ko ay mas mabuti kong mauna na muna ako."**

"Chairman," pabulong na sabi ni Lolo Dei Min.

Nilingon ni Chairman ang kwarto ni Chairman Moon. **"Nalulungkot ako sa nangyari at hindi ko maiwasang sisihin ang aking sarili. Nahihiya akong harapin ang pamilyang ito, Dei Min. Pakiramdam ko ang lahat ay kasalanan ko."**

"Alam nating hindi totoo iyan."

"Iparating mo na lamang ang aking pakikiramay, Dei Min. Mauuna na ako."

"Paano kung may mangyari sa inyo?" hindi ko napigilang magsalita. **"Mas maganda kung magkakasama tayo. Mahirap maghiwa-hiwalay ngayon, Chairman."**

"Kung mamamatay ako ay mamamatay ako, Deib Lohr."

"Chairman!"

Sinikap niyang ngumiti. **"Sa tingin ko ay mas karapat-dapat akong mamatay kompara sa Chairman na iyon na talaga namang higit na mas inosente kompara sa akin."**

"Oh, please, don't say that, Chairman," ani *Noona*.

"Hayaan ninyo na muna siguro ako. Iingatan ko ang aking sarili." Wala nang nakapigil pa sa Chairman nang maglakad papalayo.

"Sasamahan ko siya," ani Lolo Dei Min saka sumunod dito.

Nanlulumo akong napaupo. Sandali akong yumuko at nang maramdaman ko ang paglapit ni mommy ay saka ako nag-angat ng tingin. Napatitig ako sa kaniya pero hindi ko nagawang magsalita. Tumingin siya sa 'kin pero hindi rin siya nagsalita. Basta niya na lang ako yinakap at sabay kaming napaluha.

"DEIB... DEIB..." Nagising ako sa sunod-sunod na pag-uuga sa 'kin.

Dahan-dahan kong iminulat ang mga mata ko pero nang maramdaman kong nakahiga ako ay bigla akong napabangon. Gulat kong iginala ang paningin ko, nasa kwarto ako ni RD, saka ko nilingon si *Noona*.

"Bakit nakatulog ako?" natutuliro kong tanong.

"Pagod ka, hindi imposible 'yon."

"Nasa'n si Taguro?"

Napabuntong-hininga siya saka nilingon ang sofa. Napalingon din ako ro'n at natigilan nang makita si Taguro. Nakaupo siya at magkahawak ang mga kamay, walang emosyon at basta na lang nakayuko.

"Taguro..." pagtawag ko.

Umangat ang paningin niya sa 'kin nang hindi man lang iginagalaw ang ulo. Lumapit ako at lumuhod sa harapan niya. Magsasalita na sana ako nang makaramdam ako ng matitinding sakit sa iba't ibang parte ng katawan ko. Gusto kong mapasigaw nang pag-aray pero ang lahat ay pinigilan ko nang makita kong wala man lang nagamot maski isa sa mga sugat ni Taguro.

"Babe..." Hinawakan ko ang kamay niya.

Napatitig ako sa mukha niya, namumutla na siya at napakabilis na nangitim ang ilalim ng kaniyang mga mata. Hinawakan ko siya sa pisngi dahilan para magtama ang paningin namin. Mabilis siyang pinangiliran ng luha. Mayamaya lang ay nangunot na ang noo niya at kasabay niyon ay ang pag-iyak niya.

"Wala na ang Chairman, Deib," humihikbing sabi niya. **"Pinatay nila ang lolo ko."**

"Babe..."

"Ano ba'ng ginawa niya sa kanila para gawin nila 'to? Papatayin lang nila, bakit sa ganito katindi pang paraan? Hindi ko matanggap."

Naupo ako sa tabi niya saka ako yumakap. **"I'm sorry, babe. I'm so sorry."**

Hindi na ako nakatanggap ng sagot mula sa kaniya. Hinayaan ko lang siyang umiyak nang umiyak. Niyakap ko lang siya at hinaplos sa likod. Hindi ko alam kung ano ang dapat sabihin. Pero sa puso ko ay nararamdaman ko ang sakit.

Nasa ganoon kaming sitwasyon nang bumukas ang pinto at tumambad si Maze. **"Everything is set, we're going, Maxpein,"** aniya nang kay Taguro lang nakatingin. Hindi niya na rin kami hinayaang magsalita pa, muli siyang lumabas.

Pinahid ni Taguro ang mga luha saka tumayo. Hinarap ko siya, wala na akong mabasang emosyon. Ang kaninang emosyonal at nasasaktang Taguro sa harap ko ay bumalik sa dati nitong pagkatao.

"I'm sorry for what happened, Pein," ani *Noona*. Pero tiningnan lang siya ni Taguro.

"Babe," pabulong kong sabi. Hindi ako tiningnan ni Taguro pero lumingon siya nang bahagya sa gawi ko. **"Kung kailangan mo 'ko ay nandito lang ako. Hindi man gaya ng paraang nagagawa mo pero hindi mawawala ang presensya ko."**

Hindi man siya sumagot ay batid kong pinakinggan niya ang sinabi ko. Naglakad siya papalabas, sumunod naman agad ako. Ang mommy't daddy ko na lang ang naro'n bukod kay Noona. Sina More at Maze na lang din ang naro'n sa pamilya ni Taguro.

"Umuwi ka na muna, Maxpein," ani Maze. **"Kailangan mong magpahinga. May darating na doktor doon para gamutin kayo ni Maxwell kung ayaw mo talagang manatili rito sa ospital. Nasa bahay na ang mga kapatid mo pati na rin ang direktor. Kami ng daddy mo ang aasikaso sa Chairman. Babalik kami sa mansyon kapag ayos na ang lahat. Kumain ka at bumawi ng lakas mo."**

"Sige." Sa unang pagkakataon ay hindi ko narinig na tumutol si Taguro. Buong puso siyang pumayag sa lahat ng sinabi ni Maze.

"Magsiuwi na muna kayo," baling ni Maze sa lahat. **"Ang sandaling ito ay para sa amin ng pamilya ko. Bukas ay pwede na kayong dumalaw sa Chairman."**

"Our condolences," ani daddy.

Tumango lang sa kaniya si Maze saka bumaling sa 'kin. **"Please stay with Maxpein, anak. She needs you."**

"Yes, tita," kaswal na tugon ko.

Tahimik kaming nagsipagbabaan. Mas naging tahimik pa nang makasakay sa sasakyan. Pareho kaming nasa likuran ni Taguro. Sina Maze at More na lang, bukod sa driver, ang kasama namin sa sasakyan.

Hindi ko alam kung gaano katagal akong nakatulog, wala naman akong makitang orasan para malaman kung anong petsa na. Nangingibabaw sa pakiramdam ko ang sakit sa iba't ibang parte ng katawan ko pero wala akong magawa kundi pagtiisan ang lahat.

IBINABA kami nina Maze sa harap ng mansyon. May sinabi siya kay Taguro sa lenggwahe nila bago tuluyang umalis. Maglalakad na sana ako nang hindi ko maramdaman ang pagkilos ni Taguro. Sandali akong natigilan nang makita ko siyang iginagala ang buong paningin sa mansyon.

"Kung alam ko lang na sa ganitong kaikling panahon ko na lang siya makakasama, sana iginugol ko na 'yong mga oras na mas pinili kong malayo sa kanila," emosyonal niyang sabi habang patuloy na iginagala ang paningin. Hindi ko naman nagawang magsalita.

Sumunod ako nang tumuloy siya mayamaya. Hindi pa rin nahihinto sa paggala ang mga mata niya. Para bang bawat sulok ng lugar na 'yon ay may alaala siya sa Chairman. At ang mga alaalang iyon na binabalikan niya ngayon ang dahilan kung bakit hindi mawala ang lungkot sa mga mata ni Taguro. Iyon na ang pinakamatagal na sandaling nakita ko siya nang ganoon kalungkot.

"Oh, *Noona*!" si Maxrill ang nagbukas ng pinto para sa 'min.

Kakatwa ngunit kataka-takang masiglang-masigla siya na para bang walang pinagdaanang hindi kanais-nais na insidente. May mga gasa siya at benda sa ilang parte ng katawan pero hindi mababakasan sa mukha niyang meron siyang iniinda.

Inilinga muna ni Maxrill ang paningin sa likuran namin bago muling tiningnan ang kapatid. **"Chairman, *eoddiesseo*, *Noona*?"** inosente niyang tanong dahilan para mag-angat ng tingin si Taguro sa kaniya.

Inosenteng-inosenteng tingnan si Maxrill habang nagpapalitan ng tingin sa 'min. Si Taguro naman ay dahan-dahang naging malamlam ang mga mata. Parang anumang segundo ay maiiyak na naman siya.

"Where is Chairman, *Noona*?" muling tanong ni Maxrill nang hindi makatanggap ng sagot. **"*Noona*, where is Chairman?"**

"Maxrill," halatang hindi malaman ni Taguro ang sasabihin.

"Oh, Hee Yong, come here!" Naupo si Maxrill at hinintay makalapit ang aso.

Nilingon ko si Taguro. Pilit ang ngiti niya habang pinapanood ang kapatid. At nang makita niyang dila-dilaan ng aso si Maxrill sa mukha ay nakangiti siyang naluha. Agad niya iyong pinahiran nang tumayo si Maxrill at tuwang-tuwang tumingin sa 'min.

"*Noona*, where is Chairman? I need to show him something!" excited na sabi ni Maxrill.

"What is it?" tanong ni Taguro, pigil na pigil ang emosyon. Pilit na itinatago ang mga luha sa pagngiti.

"Wait," inilapag ni Maxrill ang aso at saka tumayo nang deretso. **"*Noona*, look carefully, *arasseo*?"**

"*Arasseo*," parang matatawa at maiiyak nang sabay na ani Taguro.

"Hee Yong, sit!" pasigaw na sabi ni Maxrill. **"Oh!"** nagmamalaking ipinakita ni Maxrill ang pagsunod ng aso.

Talagang hindi man lang kami pinapasok muna na para bang hindi na makapaghintay ang bagay na ipapakita niya.

Naupo nga ang aso matapos sabihin iyon ni Maxrill. Simple lang naman iyon pero napangiti rin ako. Napaka-cute ni Maxrill sa ganoong ugali bagaman masyado na siyang matanda para umasta nang gano'n. Cute din ang aso dahil nagagawa na nitong intindihin ang sariling amo.

"Hee Yong, jump!" muling utos ni Maxrill na agad namang sinunod ng aso.

Dalawang beses iyong tumalon dahilan para maging matunog ang pagngiti ni Taguro. Napalingon ako sa kaniya at hindi ko naiwasang mapangiti. Pakiramdam ko ay ilang taon ko siyang nakitang malungkot kahit na ang totoo ay ilang sandali palang.

"Hee Yong, bark!" utos ni Maxrill saka sinabayan ang asong kumahol. **"He's really good, *Noona*! Hee Yong is very intelligent! Chairman should see this!"** wala nang mas e-excited pa sa kaniya. **"*Noona*?"** Unti-unting nawala ang ngiti ni Maxrill.

Nilingon ko si Taguro. Ngunit bago ko pa man makita ang reaksyon niya ay bigla na siyang yumakap kay Maxrill. Tahimik siyang umikap habang humihigpit ang pagkakayakap sa kapatid.

"Are you crying, *Noona*?" mahinang tanong ni Maxrill, nakanguso. **"*Noona*, are you crying?"**

Sa sandaling iyon, kahit hindi tama, ay gusto kong matawa. Kung si Taguro ay may ugaling inuulit ang isinasagot, si Maxrill naman ay may ugaling binabaliktad ang sinasabi.

"Why are you crying, *Noona*?" nag-aalalang tanong ni Maxrill. Unti-unti niyang iniyayakap sa kapatid ang mga kamay saka hinagod ito sa likuran.

Pero wala siyang natanggap na sagot mula kay Taguro. Nasisiguro kong hindi alam ni Maxrill ang nangyari sa Chairman at hindi naman alam ni Taguro kung paanong sasabihin dito.

Pinakalma ni Taguro ang sarili matapos umiyak sa kapatid. Sa huli ay hindi niya rin sinagot ang tanong ni Maxrill at sa halip ay inutusan itong magpahinga. Sinabi rin niyang may lakad sila mayamaya kaya kailangan niya nang mahabang tulog. Agad na sumunod si Maxrill kahit pa halatang nag-aalala siya sa iniasta ni Taguro.

Hindi nagtagal ay bumaba sina Mokz at Maxwell kasama ang dalawang doktor na siya raw gagamot sa amin. Nang magsimula kaming asikusuhin ng mga doktor ay parang gusto ko nang magsisisi. Pakiramdam ko ay kakaunti ang anesthesia na bitbit nila dahil damang-dama ko ang sakit sa buong katawan ko. Hindi ko naman magawang magreklamo dahil walang kaimik-imik ang mga kasama ko.

"BAKIT hindi alam ni Maxrill ang nangyari sa Chairman?" tahimik na tanong ni Taguro nang pare-pareho na kaming nasa kusina.

Gusto ko sanang magpaalam na magpapahinga muna at mahihiga sa kama matapos ang mahabang oras nang pakikipaggamutan sa mga doktor, ang kaso ay nahihiya ako dahil sila ay mukhang walang iniinda. Kaya sa halip na namnamin ang sakit ay binale-wala ko na lang iyon gaya ng nakikita ko sa kanila.

"Hindi magawang sabihin ni Maze," si Mokz ang sumagot. **"Wala rin akong kakayahang sabihin sa kaniya."**

Napabuntong-hininga si Taguro. **"Hindi rin ako nakapagsalita no'ng magtanong siya."**

"Mabuti na nga lang at maaga siyang pinauwi ng doktor niya. Mabilis maka-recover sa ganitong sitwasyon ang katawan ni Maxrill. Maigi nang hindi niya nakita ang sitwasyon ni Chairman kanina."

Hindi sumagot si Taguro. Nanatili na naman silang tahimik sa mahabang sandali.

Halos maubos ko na ang kape ko nang muling magsalita si Maxwell. **"What are we going to do now?"** matamlay niyang tanong.

"Ang ibigay ang maayos na burol at libing para sa Chairman," ani Mokz. **"Iyon ang pinakamahalaga ngayon."**

"And after that?" dagdag tanong ni Maxwell.

Hindi na nagawang sumagot ni Mokz, napalingon siya kay Maxwell. Maging ako ay napalingon dito. Sa tono kasi nito nang pananalita ay para bang may gusto siyang gawin ngunit inaalam niya kung kagaya niyang mag-isip ang mga kaharap ngayon.

"I am going to kill them," biglang nagsalita si Taguro. **"That's what will happen next."**

"Pein..." Hindi makapaniwalang bulalas ni Maxwell.

"Maxpein, huwag kang magsalita nang ganiyan," nananaway ang tinig ni Mokz. **"Alam mo ang mga batas natin at hindi ka maaaring kumitil ng buhay. Alam mo kung ano ang mangyayari sa iyo kapag nagkataon."** Hinawakan ni Mokz ang kamay ng apo. **"Tandaan mo ang mga sinabi ng Chairman sa iyo, Maxpein. Huwag mong buwagin ang mga salitang iyon nang dahil sa galit na nararamdaman mo. Mahigpit na ibinilin sa iyo ng Chairman na sundin ang mga batas--"**

"Pinatay nila si Chairman Moon, Mokz!" napatayong singhal ni Taguro na siyang ikinagulat naming tatlo. **"Pinatay nila ang lolo ko, Mokz! Pinatay nila ang lolo ko sa hindi makatarungang paraan--sabihin mo sa 'kin, anong batas pa ang susundin ko!"** emosyonal at lumuluhang gilalas niya.

"Maxpein, calm down," kabadong pakiusap ni Mokz.

"I can't, Mokz," umiiling na tugon ni Taguro, titig na titig sa lolo.

"Alam mong walang kahihinatnan ang paghihiganti, Maxpein. Hindi makababuti sa ating pare-pareho iyan. Pigilan mo ang galit mo. Ang magandang paraan ng paghihinganti ay huwag kang gumaya sa kaaway mo."

Hindi nagsalita si Taguro pero sa mga mata niya ay naro'n ang sagot. Mga sagot na taliwas sa mga sinabi ni Mokz. May sarili siyang isip. May kakayahan siya. May abilidad na hindi lahat ay nakukuha. At iyon ang pare-pareho naming ikinatatakot para sa kaniya. Lalo pa at punong-puno ng lungkot, paghihinagpis at galit ang kaniyang puso.

SIN'S POV

TINANAW KO ang mataas na building sa aking harapan. Isa sa maraming hall na naroon nakahimlay ang labi ng Chairman ng mga Moon. Nakapunta naman na ako sa ibang burol ngunit sadyang kakaiba ang sa mga Moon. Lalo tuloy akong natuwa.

Parati na lang may kakaiba sa pamilyang 'to. Mierda!

"May tatlong araw na ang nakalipas mula nang pumanaw ang Chairman," nakangiting sabi ni Taylor. **"Siguro naman ay may kakayahan na silang humarap sa bisita?"**

Halos puno ang space sa parking lot sa 'baba, nauna naman daw na mapuno ang nasa itaas ayon sa mga tiga-bantay. Ginabayan kami papasok ng bantay sa 'baba pero nagpaiwan din ito bago kami makasakay sa elevator. Nasa 18th floor ang hall kung saan nakalagak ang labi ni Chairman Moon. Ang dinig ko ay nakalaan ang buong floor para sa mga ito.

"Pasunurin mo agad ang mga tauhan natin, Cargosin." Mariin ang pananalita ng aking ama. Tumango naman agad ako. **"Wala ni isa sa inyo ang maglalabas ng armas, malinaw?"**

"Malinaw, Chairman." Sumagot kami nina Christian at Mark. Nananatili namang nakayuko si Eerah habang si Taylor ay nakatingala sa numerong nasa monitor. Sinamaan ko lang sila ng tingin.

"Siguraduhin mong walang papalpak sa mga tao mo, Mark. Kung ayaw mong isunod kita kay Chairman Moon," banta pa ng aking ama.

"Inihanda ko na sila, Chairman. Papasunod na rin ang mga iyon." Garalgal ang tinig ni Mark.

"Magpakatino kayo. Mahirap na, baka hindi tayo makalabas nang buhay rito," ngingisi-ngising sabi pa ng Chairman.

Bumukas ang elevator at bumungad sa 'min ang ilang mga tao, mukhang mga guard. Magaganda ang ngiti nito sa amin. Agad na lumapit si Taylor at ipinaalam ang pakay namin. Iginiya naman kami ng isa sa mga ito papunta sa Hall Number 3 kung saan umano naroon ang mga Moon. Walang kaalam-alam ang mga ito tungkol sa amin.

Mahaba ang floor, kaliwa't kanan naman ang mga hall. Buena familia lang ang may karapatang umukopa sa ganitong kagandang lugar. Malaking halaga ang kailangan. May red carpet sa entrada palang, at hindi ko inaasahang aabot pa iyon hanggang sa dulo ng nilalakaran naming pasilyo. Doon palang ay nakahilera na ang mga de-koronang bulaklak mula sa iba't ibang kilalang tao, na may mga sash pa.

"Chairman, narito na ang mga tauhan natin," mayamaya'y ani Mark. Sa likuran namin ay naroon ang walong tauhan namin, bitbit ang aming de-koronang bulaklak na para sa patay.

Mahirap pumunta sa ganitong lugar nang kami-kami lang, kaya pinasunod namin ang ilan sa mga tauhan. Lalo pa at kami ang dahilan kung bakit may ganitong kaganapan sa buhay ng mga Moon ngayon.

Nang tuluyan naming marating ang hall ay 'tsaka kami iniwan ng mga guard. Salamin ang pinto at dingding sa bukana ng hall kaya naman makikita agad ang pinakaloob. Napakaraming tao. May ilan kaming kilala ngunit lamang ang hindi namin nakikilala. Pawang mga nakasuot nang pormal at kagalang-galang kung tingnan. Kapansin-pansin pa ang maraming bilang ng bisita na mukhang may lahi, mga singkit gaya ng mga Moon. Ang paraan nang pagtingin ng mga ito sa amin ay nangingilala, nangungutya, nakaiinsulto at nakabababa ng pagkatao. Kung sulyapan nila kami ay para bang obligasyon naming ipaalam sa kanila kung sino kami. Na para bang kwestyonable kung bakit mayroong tulad namin sa ganoong sitwasyon. Masasabi kong walang ideya ang mga ito na kami ang nasa likod nang kamatayan ni Chairman Moon. Tuloy ay nais kong magwala dahil sa paraan nang pagkakatitig nila sa amin ng ilan ay para bang imposible na may kakilalang tulad namin ang pumanaw na Chairman.

Bakit ganito sila kung magsitingin sa amin? Para nila kaming pinandidirihan imbes na katakutan! Ganoon ba kami kahirap sa kanilang paningin? Mierda!

Mayamaya pa ay hinarang kami ng apat na lalaki, na pawang mga nakasuot ng itim na suit, sa bungad pa lang ng entrace. Mga naka-itim na shades din ang mga ito kaya nasisiguro kong tauhan na talaga ito ng mga Moon. Ibig sabihin ay malapit na talaga namin silang makaharap.

Dahil doon ay lalo naming naagaw ang atensyon ng mga naroon, lalo nila kaming pinagtinginan. Nagbubulungan na naman sila at kahit naririnig ko ay wala akong maintindihan dahil iba ang kanilang lenggwahe. Lalo rin akong nainsulto dahil naninindak ang tingin sa amin ng mga tauhan, ipinakikita nang sadya ang mga armas sa kanilang mga baywang.

"Paumanhin ngunit hindi kayo imbitado," anang isa sa mga tauhan.

"Ako si Chairman Rewis," sagot naman ng aking ama. **"Imbitado man ako o hindi ay desisyon kong pumunta rito. At kung hindi ninyo kami pauunlakan ay pasasabugin ko ang lugar na ito."** Halos pabulong niya iyong sinabi upang huwag magambala ang mga makaiintindi.

Ngumisi ako nang makitang nasindak ang may pinakamalaking katawan sa mga tauhan. Bagaman masama pa rin ang tingin nito sa aking ama ay wala siyang nagawa kundi ang bumuntong-hininga.

Tumabi ang apat na tauhan at binigyan kami ng daan papasok. Makikitang labag na labag iyon sa kanilang kalooban, kabado sa posibleng kahantungan sa pagpapapasok nila sa amin. Hindi nakaligtas sa paningin ko ang isa sa mga iyon na agad may itinawag sa telepono.

Agad na namang nangibabaw ang bulungang hindi ko pa rin maunawaan, mukhang kinukuwestyon ang aming katauhan. Pinanonood kaming maglakad hanggang sa tuluyan kaming pagbuksan ng pinto papasok sa pinakaloob ng hall.

Awtomatiko akong napangisi nang sa wakas ay tuluyan ko nang nakita ang mahabang silya na madalas kong makita kapag may patay o kung hindi naman ay sa mga kapilya. Higit pa akong napangisi nang makita ko sa harapan ng mga silyang iyon ang malaking larawan nang namayapang Chairman. Napakaganda ng kaniyang ngiti at talaga namang mukhang kagalang-galang. Pinalilibutan ang larawan nang nangangalingasaw sa bango at iba't ibang uri ng bulaklak. Ngunit kakatwang wala akong makitang ataul, pawang ang mga bulaklak at iyong litrato lamang. Malaki ang espasyo sa harapan, nasa tatlong dipa ang pagitan ng litrato ng Chairman sa mahahabang silya na nasa pinakaunahan. May malaking carpet pa sa pinakagitna ng espasyo na iyon, na siyang nasa harapan mismo ng larawan. Kakaiba. Ngayon lang ako nakakita nang ganoong klase ng paglalamay.

Maliwanag ang kabuuan ng hall. Gusto ko na namang matawa dahil kung ako ang tatanongin ay mukha iyong launching ng kung anumang imbensyon ng Chairman. Nagkalat kasi ang naglalakihan niyang litrato na nakapatong sa kahoy na standee. Meron sa harapan, sa magkabilang gilid, hanggang sa likurang bahagi ng hall. Kung hindi marahil sa katahimikan ay posible ko ring maisip na nasa isang exhibition ako.

Walang nakaramdam sa pagpasok namin. Nananatiling nakatalikod sa aming gawi ang mga naroon. Nakita ko ang isa sa mga tauhan ng mga Moon na lumapit upang bumulong kay Mokz. Ilang saglit pa ay nilingon na kami nito kaya agad kaming nagsipagtanguhan nang may sikretong ngisi sa mga labi. Nagmamalaki ang noo ng aking ama nang umayos kami ng tindig, habang nakatingin kay Director Mokz.

Dahil naman doon ay agad ding nagsipaglingunan sa gawi namin ang iba pang myembro ng mga Moon; sina Maze Moon, Maximor Moon, Maxwell, Maxrill, Heurt, at ilan pang kapamilya ng mga ito. Bukod doon ay naroon ang kompletong pamilya ng mga Enrile, maliban kay Deib Lohr. Maging ang mga Echavez ay kompleto ro'n.

Ang ilan sa malalapit na tao sa mga Moon ay naroon din ngunit kapansin-pansing wala roon si Maxpein. Ilang beses siyang hinanap ng aking mga mata ngunit hindi ko siya nakita.

Pawang mga nakaputi ang bawat tao na aking makita, simple pero kakatwang elegante pa ring tingnan. Mga nakasuot ng sunglass ang karamihan maliban kay Director Mokz na noon ay puti ang salamin. Hindi tuloy namin masaksihan nang lubusan ang pagdadalamhati at pamumugto sa kanilang mga mata. Bagay na talaga namang pinanabikan kong makita nang sobra.

Nakakasuya!

Isa-isa kaming tiningnan ni Director Mokz, nagsipagngitihan naman kami sa kaniya. Nasa unahan namin ang aking ama, nakahilera kami nina Taylor, Christian, Mark at Eerah sa kaniyang likuran. At sa amin namang likuran ay naroon ang aming mga tauhan.

Nagsipagtayuan na nang tuluyan ang lahat ng mga Moon, kasama na si Heurt. Humilera sila sa pantay na pantay na linya, pantay na pantay ang mga balikat, at saka deretsong tumingin sa amin. Sa paraan nang pagkakatitig nila sa amin ay para bang may digmaan na handa nilang simulan anumang oras. Hindi ko naman na inaaasahang ikatutuwa nila ang pagparito namin ngunit nasanay ako sa pagiging sarkastiko nila. Inaasahan kong makikipag-asaran sila sa amin gaya nang madalas nilang gawin sa t'wing magkakaharap-harap kami. Ngunit ni isa sa mga senyales na madalas nilang ipakita noon ay hindi ko makita ni maramdaman ngayon. Nakapaninibago.

Kung ganoon ay talagang malaking pagbabago ang idinulot nang pagkawala ng Chairman nila? Nakakatuwa!

Hindi ko maitago ang tuwa, tuloy ay napangisi ako lalo. Isa-isa ko rin silang tiningnan kahit pa wala akong makitang reaksyon sa mga Moon. Ang takot ay naroon sa iba pang bisita sa lugar, pero ang atensyon ko ay pilit kong itinutuon sa mga Moon.

Naging exciting ang paghihiganti na ito dahil sa mga Moon, dapat ko silang pasalamatan.

"Nakikiramay ako at aking buong pamilya sa pamamaalam ng inyong mahal sa buhay," anang aking ama, nakangisi sa nakaiinsultong paraan.

"Hanggang diyan ka na lang," ani Director Mokz nang akmang hahakbang papalapit ang aking ama. Ang kaninang seryoso niya lang na mukha ay unti-unti nang tumatalim ngayon, bagay na ngayon ko lang nakita.

"Hindi mo man lang ba kami hahayaang makaharap si Chairman Moon?" nang-aasar ang tinig ni daddy.

"Ano ang karapatan ninyong pumarito?"

"Narito kami para dalawin ang Chairman at makidalamhati sa inyo."

"Nakalimutan ninyo na bang kayo ang nagdala sa kaniya rito?"

"Kami ba?" sarkastikong natawa ang aking ama. **"Hindi mo kami masisisi, Director Mokz. Hindi marunong makisama ang iyong apo."**

"Dahil sa ginawa mo ay ikaw na mismo ang nagdala sa buong pamilya mo sa hukay," seryosong ani Mokz. Galit na galit ang mga mata. Dahilan para matigilan ang aking ama. **"Matitikman ninyo ang bagsik ng mga Moon."**

"Makakaalis na kayo," pormal na ani Maze.

"Sige, aalis kami," nakangising sagot ng aking ama. **"Iyon ay kapag nakita ko na si Maxpein. Nasaan na nga ba siya?"** lalo pang lumawak ang pagkakangisi niya.

"Nariyan siya...sa likuran mo," kaswal na sagot ni Mokz dahilan para matigilan kaming lahat at agad na mapalingon!

At doon ay nakita nga namin si Maxpein! Deretso siyang nakatingin kay Taylor habang hawak sa leeg ang isa sa mga tauhan namin. Nanlaki ang mga mata ko nang makitang ang lahat ng tauhan ay mga wala nang malay!

Hindi ako makapaniwala. Sa loob ng sandaling iyon ay wala akong narinig maski katiting na ingay. At nasisiguro kong gano'n din ang mga kasamahan ko sapagkat ni isa sa 'min ay hindi nag-alis ng tingin kay Mokz.

Napatitig ako sa mga tauhan, kakaiba ang kanilang mga hitsura. Agad na nagkarambola ang kaba sa dibdib ko nang maisip ko ang lagay ng mga ito. Nilingon ko si Mark at gano'n na lang uli ang gulat ko nang masaksihan ko pa siyang mangisay sa paghihingalo. At nang subukan kong lumapit ay humugot si Maxpein mula sa likurang bulsa.

Napaatras ako at galit na tumitig sa kaniya. **"Iputok mo!"** hamon ko. Ngunit agad ko iyong pinagsisihan nang walang ano-ano ay paputukan niya nga ako sa hita! **"*Mierda*!"**

Agad na nagkagulo ang lahat at nagsipagtakbuhan. Ang mga tauhan nila ay hindi man lang kumilos na para bang alam na ng mga ito ang mga dapat at hindi dapat gawin. Pinalibutan kami nina Taylor at Christian pero kulang na kulang sila para protektahan kami.

~ To Be Continued. . . ~

c

OceanofPDF.com

CHAPTER 218

DEIB LOHR'S POV

TATLONG araw ang mabilis na lumipas. Hindi ko alam kung paanong dumaan ang tatlong araw na iyon pero nasisiguro ko kung paanong naging mahaba iyon para sa 'kin. Higit na siguro para kina Taguro at pamilya ng mga Moon. Ang dalawang naunang araw ng burol ay para sa pamilya lamang ng mga Moon. Hindi halos ako nakatulog sa sobrang pag-aalala dahil wala man lang akong marinig na balita mula sa kanila. Matapos ang araw na iyon sa masyon ng mga Moon ay kinailangan ko nang umuwi dahil sa kahilingan ni President Moon.

Dahil iba ang kultura nila, kailangan naming irespeto iyon. May nalalaman naman ako tungkol sa Korean practice and belief pagdating sa burol, may dugo kaming Korean, pero iba pa rin talaga ang pakiramdam dahil malapit sa akin ang mga Moon. Nakakapanibago. At hanggang ngayon ay parang hindi ako makapaniwala.

"Are you ready, son?" tinig ni daddy. Hindi ko man lang namalayan ang pagpasok niya sa kwarto ko.

Sinikap kong ngumiti nang humarap ako sa kaniya. **"Yes, dad."** Bumuntong-hininga ako bago nilabanan ang nag-aalala niyang tingin. **"Hindi ako sigurado kung paano ko pakikitunguhan ngayon si Maxpein, dad. Pakiramdam ko ay hindi ko alam kung paano ko siya haharapin."**

Napabuntong-hininga rin si daddy saka humawak sa kaliwang balikat ko. **"Just stay beside her."**

Hindi na ako nakasagot. Isang malalim na buntong-hininga na lang uli ang pinakawalan ko.

Tatlong araw lang ibinuburol ang mga Koryano sabi ni Lolo Dei Min. Ang tradisyon at kulturang iyon ang sinusunod ng mga Moon ngayon. Bukod doon ay pawang malalapit lamang sa pamilya ang maaaring

pumunta. Ang mga hindi nasabihan tungkol sa pagpanaw ng Chairman ay hindi maaaring dumalo sa burol kahit pa kakilala nila ang namatay. Sa madaling salita ay iyong mga nasabihan lang ang maaaring makiramay. Nasa paniniwala rin nilang kapag sinabihan ka tungkol sa pagkamatay ng taong iyon ay kailangan mong dumalo bilang respeto.

Tahimik kaming bumiyahe nina Manang, mommy at daddy. Sa likuran namin ay naro'n sina Noona at pamilya niya. Nakabuti na rin sa kanila ang dalawang araw na pahinga nang hindi kami hayaan ng mga Moon na dumalo sa burol ng Chairman. Sa ikatlong sasakyan ay naro'n sina Chairman Enrile at Lolo. Nakasunod naman sa kanila ang mga tauhan ng Moon na hanggang ngayon ay buong pusong nagbabantay sa 'min.

Hindi na ako nagulat nang makita ko kung gaano karaming tao sa bungad ng hall. Ito lang ang araw na inilaan ng mga Moon sa mga bisita at kakilala na imbitado para dumalo sa seremonyas. Hindi ko nga lang naiwasang mamangha dahil pawang mga Korean ang bisita, iilan lang ang masasabi kong Pilipino. Wala akong kilala ni isa sa mga iyon maliban sa mga tauhan ng Moon.

Nasisiguro ko kung gaano katataas ang antas sa buhay ng mga bisitang iyon. Makikita sa pananamit at bukod doon ay nasa bilang ng bulaklak na dala nila ang estado nila sa buhay. Sa bukana pa lang kasi ng floor, kung saan napakalayo pa sa entrada ng hall, ay nakahilera na ang mga bulaklak.

Dumeretso kami sa entrance, nagsulat sa guestbook saka inilapag ang monetary gift sa hilera ng bungkos na puting sobre, bago kami tuluyang pumasok. Hindi ganoon ang inaasahan kong burol. Bagaman bata pa ako noon ay nasisiguro kong malayo ito sa seremonyas na ginawa namin para sa namayapa kong lola.

Agad kaming dumeretso sa unahan at sabay-sabay na tumango nang malalim sa harap ng larawan ni Chairman Moon, sa pinakamababa at pinakamatagal na paraan na alam namin. Dalawang beses kaming tumango paluhod hanggang sa maibaba ang aming noo sa mat. Naging hudyat ang pagtayo ni More para umayos kami upang muli lamang tumango sa pamilya nila. Tumango rin ang mga Moon sa 'min, maikli at mababaw bago ngumiti nang kapos. Naroon ang lungkot sa mga mata nila. Ang galit at sakit ay hindi ko maiwasang makita.

"Nakikiramay kami," mahinang sabi ni daddy, tinanguan naman agad siya ni More.

Agad na hinanap ng mga mata ko si Taguro, agad din akong nagulat nang makita kong nakatingin na siya sa 'kin. Nananatiling nakaupo at walang emosyon. Ang lahat ng nadarama niya ay makikita lang sa mata. Mga matang namumugto at nangingitim ang buong palibot, mapungay at walang buhay. Mula sa layo namin isa't isa ay nakita ko rin ang panunuyo ng mga labi niya. Ang nagdaang dalawang araw na yata ang pinakamabilis na panahon para pabagsakin ang katawan niya.

Agad kong naramdaman ang lungkot nang mapagmasdan ko nang tuluyan ang kabuuan ni Taguro. Ang pagkakakunot ng kaniyang noo ay hindi gaya ng dati na animong may kaaway lang. Ngayon ay lungkot ang dahilan nang pagkakakunot niyon. Pakiramdam ko ay nawala ang sakit ng katawan na ilang araw ko na ring iniinda pero lahat nang iyon ay lumipat sa puso ko. Nakakalungkot.

Naaawa ako sa kinahinatnan ng Chairman, hindi pa rin mawala sa isip ko ang kaniyang hitsura. Maging ang nangyaring pagsabog ay naaalala ko pa. Ni hindi na namin nagawang ibaling ang buo naming atensyon sa pagsabog ng gusali dahil sa mga bombang nakatamin doon. Ni hindi kami nagawang matinag nang malakas na pagsabog na iyon sa kinasasadlakan namin nang oras din na iyon. Lahat kasi kami ay hindi makapaniwala sa pagsabog sa sasakyang kinaroroonan ni Chairman Moon. At hanggang sa ngayon ay napakahirap paniwalaang wala na talaga ang Chairman.

Napakaganda nang pagkakangiti niya no'n... May you rest in peace, Chairman Moon. We will never forget you. Napapikit ako sandali dahil sa sinabi ko sa isip.

Napabuntong-hininga ako pero pakiramdam ko ay lumaylay na nang tuluyan ang mga balikat ko at hindi ko na iyon maiangat pa. Hindi ko maintindihan kung alin ang dapat kong maramdaman habang nakatingin kay Taguro.

Nang sa hindi inaasahan ay mabilis na nangilid ang mga luha niya. Mabilis na namula ang kaniyang mga mata at kasunod niyon ay ang pagbagsak ng mga luha. Gano'n din kabilis na nanlabo ang mga mata ko at bago pa man ako mahawak sa kaniya ay nakalapit na ako.

"Babe..," bulong ko sabay yakap sa kaniya.

Hindi niya nagawang yumakap sa 'kin pero nang ihilig niya sa balikat ko ang kaniyang ulo ay parang nasalo ko ang buo niyang mundo. Parang napakabigat gayong magaan naman. Nararamdaman ko ang bigat nang dinadala niya nang hindi ko nakikita.

Walang salitang namutawi sa kaniya pero sapat na ang mga iniluha niya para maramdaman ko ang lungkot at sakit na kaniyang nadarama.

"Nandito lang ako, Taguro. Nandito lang ako," mahinang sabi ko habang yakap at hinahaplos siya sa likuran.

Hindi ko alam ang sasabihin. Naninikip ang dibdib ko at nakakaramdam ng awa para sa kaniya at gano'n na rin sa namayapang senyor. Ngunit sadyang hindi ko alam kung sa anong tamang paraan siya aaluin. Napipipi ako sa nga dapat na sabihin para mapagaan ang loob niya kahit papaano. Hindi ko tuloy maiwasang samaan ng loob para sa sarili dahil hanggang dito ay inutil ako sa mga dapat kong gawin na makatutulong para hindi na masaktan si Taguro.

"Napakahirap tanggapin, Deib," mahinang sambit niya, napabuntong-hininga ako at lalong humigpit ang pagkakayakap sa kaniya. **"Hindi ko alam kung paano ko 'to matatanggap."**

"Babe..." Wala akong nasabi kundi iyon saka muling yumakap nang mahigpit sa kaniya.

Humiwalay siya sa 'kin. **"Ang sakit-sakit,"** kahit hindi niya sabihin ay iyon ang nararamdaman ko mula sa kaniya. **"Mas gugustuhin ko pang pumanaw siya dahil sa sakit kaysa ganito. Naiisip ko pa lang kung ano ang naramdaman niya nang sandaling sumabog ang sasakyang iyon..."** Yumuko siya, naitakip ang isang palad sa mga mata saka humagulgol ng iyak.

Agad kong nahawakan ang isa niya pang kamay. Paulit-ulit ko iyon pinisil. Nararamdaman ko ang panginginig niya at hindi ko alam kung dahil ba iyon sa galit.

"Pinatay na, pinahirapan pa. Bakit kailangang sa gano'ng katinding paraan?" unti-unting dumiriin ang tinig niya. **"Gusto ko silang gantihan, Deib."**

"Taguro..." Pinisil ko nang mahigpit ang kamay niya saka ko siya kunot-noong tiningnan sa mga mata. **"Please don't say that. Alalahanin mo ang sinabi ni Mokz sa 'yo. Please, babe. 'Wag mong sakyan ang galit mo."**

Sandali siyang natahimik. Hindi ko rin nagawang magsalita. Nananatili akong nakatitig sa kaniya at dinadamayan siyang masaktan at umiyak.

"Ayaw kong sabihin pero mas masakit pa 'to kesa sa pagkamatay ng lola ko," mayamaya ay sabi niya. Hindi ko inaasahang magbabanggit siya tungkol sa kaniyang lola. **"Dahil namatay ang lolo ko nang walang**

kalaban-laban. Doon ako lalong nasasaktan. Hindi ko matanggap," emosyonal niyang dagdag. Nanatili pa rin akong tahimik dahil wala akong mahagilap na isasagot.

Hindi ko naorasan kung gaano kaming nanatili sa gano'ng sitwasyon ni Taguro. Pero laking pasalamat ko sa pamilya naming hinayaan lang kaming magkayakap. Nang humiwalay ako ay pinunasan ko ang mga luha niya, hinayaan niya lang ako habang nananatiling nakayuko. Walang tigil ang mga luha niya, tahimik siyang humihikbi. Wala siyang kabuhay-buhay pero nakikita ko pa rin ang ganda niya.

"Kumain ka na ba?" tanong ko. Hindi siya sumagot, nanatili lang sa gano'ng postura. **"Babe, kumain ka na ba?"**

"Wala akong gana. Ilang araw na akong walang gana."

"Taguro, kailangan mong kumain. Tingnan mo ang sarili mo, mahina ka na. Babe, please?"

"Wala akong gana," nag-iwas siya ng tingin. Eksaktong tumama iyon sa Chairman. At wala pang isang segundo ay 'ayun na naman ang mga luhang nag-uunahan sa pagpatak.

"Taguro," muli ko siyang niyakap habang ang kamay ko ay nasa pisngi niya.

Napakainit ng luha ni Taguro, para bang bukod sa lungkot at sakit ay naro'n ang kumukulong galit. At natatakot ako sa bagay na iyon lalo pa at hindi na nawala sa isip ko ang mga huling sinabi niya kay Mokz. Gusto niyang patayin ang mga Rewis.

"Maxpein?" Lumapit si Maze at naupo sa tabi niya. **"Bakit hindi mo samahan sina Deib Lohr at ang kaniyang pamilyang kumain?"** nakangiti niyang tanong sa nanghihikayat na tono.

Batid kong gusto niya lang na kumain si Taguro. Kaugalian din sa kultura nila ang kumain matapos magbigay respeto sa namayapa. Hindi katulad sa nakasanayan nang pagbabalik-tanaw sa masasayang nakaraan ng namayapa, maikling usapan lang ang nagaganap sa ganitong pagkakataon. Kung saan iniiwasan ng mga bisita na makipag-usap sa pamilya ng namayapa ng tungkol sa pagkamatay nito.

Sinikap kong ngumiti bago muling bumaling kay Taguro. **"Ilang araw na rin akong hindi nakakakain nang ayos, Taguro. Nasanay akong magkasabay tayo,"** nakanguso kunyaring sabi ko, gusto ko siyang mapilit na kumain.

Nakangiwi siyang bumaling sa gawi nang hindi ako tinitingnan. **"Madalang talaga tayong magkasabay kumain kaya hindi nasanay."**

"Eh, di sanayin mo 'ko?"

"Wala akong gana ngayon." Napabuntong-hininga siya. **"Sa ibang araw na lang siguro."**

"Kailangan mong kumain, Taguro."

"Wala talaga akong gana, Sensui."

"Babe, kailangan mong kumain. Kailangan mo ng lakas," pagpapaintindi ko. **"Hindi rin matutuwa ang Chairman kung makikita o malalaman niyang nagpapalipas ka ng gutom."**

Tumiim ang bagang niya. **"Alam ko. Pero wala akong gana, ano ang gagawin ko?"** nagbabadya na ang kawalan niya ng pasensya. Ang kaninang malamya niyang tono ay bahagya nang nagtaas ngayon.

"O sige, pero pwede mo ba akong samahan na kumain? Pakiramdam ko kasi ay huminto sa pagtatrabaho iyong mga lamanloob ko dahil dalawang araw kitang hindi nakita, Taguro."

Nakakunot na ang noo niya nang lingunin ako. Pakiramdam ko ay napakarami niya nang naisumbat dahil sa masama niyang tingin. Sinikap kong ngumiti, iyong ngiti kong nang-aasar, iyong ngiti ko na nakakaloko, iyong ngiti na umaasang mapapatawa ko siya kahit papaano.

Pero nabigo ako. **"Alam mo namang ayos lang din sa 'kin kung hindi mo 'ko samahan, babe,"** halos mautal sa pagkapahiyang sabi ko.

"Sige, sasamahan kita," matagal bago niya iyon nasabi.

Gusto ko manlumo, gano'n talaga ang ugali niya. **"Sige, babe,"** nginitian ko siya. Pero hindi ko na yata uli makikita pa ang ngiti niya. Ang lungkot sa kaniyang mga mata ay hindi na mapangalanan sa sobrang tindi.

Sinamahan nga kami ni Taguro sa kabilang kwarto na naro'n din sa loob ng hall na iyon. Mas malaki at maraming mesa. Hindi gaya ng inaasahan ko ay masyadong moderno iyon kompara sa kulturang iyon na nakita ko na. May catering service at matataas ang mga mesa at silya. May mga serbidora na aligaga sa pag-aasikaso sa bisita.

Naupo kami sa pinakamahabang mesa, si Taguro ang nagsalita para hainan kami ng mga tauhan nila. Nanatili naman akong nakatingin sa kaniya habang naghihintay sa pagkain.

"Kumusta ka na?" maingat na tanong ko. Hindi ko maiwasang mailang, hindi ko sigurado kung akma pa bang itanong ko iyon.

"Pakiramdam ko ay nawala ang kalahati ng katawan ko, 'yon ang lagay ko ngayon," mahinang sabi niya, iyong kaming dalawa lang ang makaririnig. Kinuha niya ang kutsarita at nilaro ang soup na nakahain para sa kaniya. **"Importante ang Chairman sa 'min, hindi lang bilang kapamilya, Sensui. At ang bagay na 'yon ay hindi mo maiintindihan sa ngayon."**

"Alam ko," mahina ko ring tugon.

"Inalis nila ang importansya ng pamilyang 'to," kunot-noong aniya. Binitawan niya ang kutsarita at itinakip ang parehong palad sa mukha. **"Hanggang ngayon ay hindi ko maintindihan kung bakit kailangang madamay ng Chairman. At lalong hindi ko maintindihan kung bakit kailangang mamatay siya sa gano'ng paraan. Gusto kong ibalik sa kanila kung ano ang ginawa nila sa 'min."**

"Taguro..."

Hindi siya sumagot at sa halip ay pinunasan niya na lang ang mga luha sa pisngi. Sumeryoso siya at itinuon ang paningin sa pagkain ngunit parang hindi iyong deretsong nakikita. Bumuntong-hininga siya mayamaya. **"Kumain na kayo."**

Napabuntong-hininga na lang din ako. Gustong-gusto ko siyang kausapin. Gusto kong malaman ang nararamdaman niya gaya nang dati kong ugali. Gusto kong malaman kung ano ang laman ng isip niya. Gusto kong marinig ang mga plano niyang gawin. Lahat ng tumatakbo sa buong sistema niya ay gusto kong malaman.

Mahabang oras ang lumipas nang tahimik. Ang mga bisita ay sandali lang na nananatili matapos magbigay ng respeto sa Chairman. Nanatili ako sa tabi ni Taguro kahit pa wala siyang imik, kahit pa hindi niya ako nililingon, kahit wala siyang ginawa kundi ang umiyak.

"Babe, kung may kailangan ka ay sabihin mo lang sa 'kin, ha?" bulong ko.

Nilingon niya ako at sandaling tinitigan. Wala siyang naging reaksyon. Basta na lang niya inihilig ang ulo sa balikat ko at doon nagpatuloy sa pagdadalamhati sa kaniyang lolo. Napabuntong-hininga na lang ako saka ko siya inakbayan. Paulit-ulit kong hinaplos ang braso niya na para bang sa ganoong paraan ko mababawasan ang sakit na kaniyang nadarama.

"Tulog na siya." Isang oras ang nakalipas nang lumapit sa 'kin si Heurt.

Sandali akong nangapa sa sinabi niya bago ko nakuhang si Taguro ang tinutukoy niya. Maingat kong nilingon si Taguro at bahagya pa akong

nagulat nang makita kong nakatulog nga siya sa balikat ko.

"Lagi niyang nakakatulugan ang pag-iyak nitong mga nakaraan," napapabuntong-hiningang sabi ni Heurt. **"Kumain ba siya kanina?"**

Tumango ako. **"Pero kaunti lang."**

Tumango-tango rin siya. **"Maigi na rin iyon, kahit papaano ay may laman ang tiyan niya,"** halos pabulong na iyong sinabi ni Heurt. **"Mabuti na lang at dumating ka."**

"Gustuhin ko man po pumunta no'ng mga nakaraan ay hindi raw pwede sabi ng daddy ko," malungkot na sabi ko.

Muli siyang tumango. **"Ganito ang kultura namin, pasensya na."**

"Naiintindihan ko po," kabig ko. **"Hindi ko lang maiwasang malungkot at mag-alala, gustuhin ko mang manatili sa tabi niya ay hindi pwedeng ako ang masunod."**

"Ang mahalaga ay narito ka na ngayon. Ito ang huling araw na makakasama natin ang Chairman," mahina niyang sabi saka nilingon si Taguro. **"Ngayon ay nakita ko na siyang mahina, sobrang hina. Na kahit punong-puno ng galit sa puso ay walang magawa."**

Parang kinurot ang puso ko. Naiintindihan ko ang sinabi niya, lalo kong naunawaan ang nararamdaman ko ngayon para kay Taguro. Tama si Heurt at sang-ayon ako sa sinabi niya. Ngayon ko lang din nakita si Taguro nang mahina.

"Madalas ay iniiwasan naming magalit siya," patuloy ni Heurt. **"Pero nakakabilib na sa pagdaan ng panahon ay natutunan niyang kontrolin ang kaniyang sarili, ang sarili niyang galit."**

Hindi ko maiwasang alalahanin ulit iyong mga sandali na sobra na ang ginagawa sa kaniya ng mga taong nakapaligid sa kaniya. Pero wala siyang ginagawa. Parati siyang naghahanap ng dahilan bago niya saktan ang kaaway. Pero oras na kumilos siya, kahit na sino ay matatakot. Malakas man o mahina.

Pero kahit ano ang gawin niya, mahal ko siya. Hindi ko magawang matakot kahit pa isang halimaw ang nasa likod ng katauhan ni Taguro.

"Nang nasa Amerika ka, nasa The Barb kami nang tumawag ka sa telepono at sabihin ang lahat ng ginawa sa iyo ni Eerah Anitha, Deib Lohr," nakangiting bulong ni Heurt sa pagpapatuloy habang nakatingin sa anak. **"Matinding pagpipigil ang ginawa niya habang pinakikinggan kang maglahad ng istorya. Pero nang putulin mo ang linya?"** Iiling-iling siyang tumawa saka tumingin sa 'kin. **"Iyong silyang kahoy na**

kinauupuan niya ay bigla niyang inihampas sa mesa. Nag-alisan ang lahat ng customers dahil sa takot sa kaniya."

Natigilan ako at gulat na napatitig kay Heurt. Tandang-tanda ko ang sandaling iyon nang nasa America ako. Ilang beses man akong nagdalawang-isip na sabihin ay nauwi rin iyon sa pag-amin ko kay Taguro. Sinabi ko sa kaniya lahat nang totoong nangyari nang gabing iyon bago ako halos atakihin sa puso nang dahil sa kay Eerah Anitha.

Nawala na iyon sa isip ko. Halos malimutan ko ang lahat dahil pagbalik ko ay parang panibagong Taguro ang nasa harapan ko. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangan niyang makipaghiwalay sa 'kin.

"Kinabukasan ay kinausap niya agad ako," dagdag ni Heurt. **"Hindi raw siya makapapayag nang hindi makagaganti kay Eerah Anitha. At ganoon nga ang ginawa namin."** Napabuntong-hininga siya saka sumeryoso. **"Pero laking takot ko nang mawala siya sa sarili dahil sa sobrang galit, muntik niya nang mapatay si Chairman Rewis."**

"Ha?" nagugulat kong tanong. Hindi ako makapaniwala.

Muling nagpakawala nang malalim na hininga si Heurt bago tumango-tango. **"Kung hindi ko siya napigilan ay baka nauna na iyong napaglamayan."** Muli siyang tumingin sa 'kin at bumuntong-hininga. **"Isang matinding kasalanan ang pumaslang, Deib Lohr. Kahit saang bansa sa mundong ito ay ipinagbabawal iyan. Isa iyang pagkakasala. Ngunit iba sa batas na sinusunod ng mga Moon."** May diin ang pananalita niya.

Napalunok ako saka napailing. *Batas.* **"Masyadong mahiwaga ang mga Moon, Heurt—hindi ko maintindihan. Ilang taon ko nang nakakasama si Taguro, maging ang pamilya ninyo pero parang hindi ko pa rin kayo kilala. May batas din namang sinusunod ang pamilya ko, batas 'yon ng bansang 'to. Pero hindi ko maintindihan kung bakit parang iba ang sa mga Moon. Pare-pareho lang naman tayong tao."** Kunot na kunot ang noo ko, hindi ko maipaliwanag nang ayos ang aking nararamdaman.

"Dahil iba naman talaga," nakangiti niyang bulong, bahagyang nakangiti. **"Kamatayan din ang kaparusahan kapag nakapaslang ka ng isang nilalang, iyon ang batas na sinusunod ng mga Moon."**

Napamaang ako, kasabay niyon ay ang kalabog ng kaba sa dibdib ko. *Kamatayan...* **"Kung gano'n ay posibleng ikamatay ni Taguro kung maka..."**

Hindi ko na magawang ituloy pa. Hindi ko kayang sabihin ang huling salita. Iiling-iling akong napalingon kay Taguro, mahimbing pa rin ang pagtulog niya. Bahagyang nakaawang ang mga labi at may papatak nang luha sa gilid ng mata.

"Ngunit ngayon ay hindi lang si Maxpein ang galit," pabulong na namang sabi ni Heurt. **"Ang buong pamilya ng Moon ay naghihinagpis sa galit. Hindi na ako magtataka kung may mamatay o maubos ang mga Rewis."**

Gusto ko pa sanang magsalita pero sadyang hindi na ako makapaniwala. Iilan lang naman ang nalaman ko pero masyadong mabibigat ang mga 'yon, sapat na para punuin ang isip ko.

Pakiramdam ko ay lalo kong naramdaman ang kakulangan ko sa pagkakakilanlan sa mga Moon. May mga tanong na nadagdag sa akin kahit noon ay gano'n din naman ang mga tanong ko.

Hindi ko maiwasang maalala ang organisasyong nabanggit ni Taylor nang gabing iyon.

Organisasyon... Ni minsan ay hindi nabanggit sa 'kin ni Taguro ang salitang 'yon. Gano'n siya kagaling mag-ingat. Ano naman kayang organisasyon 'yon?

Napatingin ako kay Heurt, nakalingon na siya sa Chairman. Nakatitig doon na animong may sinasabi gamit ang isip niya. Hindi ko na siya magawang bulabugin, inunahan na ako ng hiya. Gusto kong magtanong, gusto kong may malaman. Pero ayaw kong mapahiya. Lalo na at nabanggit na sa akin ni Taguro na hindi siya pwedeng magsalita. Bukod doon ay naisip ko ring gaya ko, baka hindi ganoon karami ang nalalaman ni Heurt bagaman lamang siya sa 'kin.

Nagpaalam si Heurt saka lumapit kay Mokz, ito naman ang kinausap niya. Nalunod na naman ako sa sobrang pag-iisip hanggang sa hindi ko mamalayan ang pagdaan ng oras. Hindi ko maramdaman ang pangangalay kahit pa nananatili akong nakaakbay kay Taguro. Sobra ang paglalayag ng isip ko na halos puro tanong lang naman ang laman. Maraming bagay na inaalam, at gaya ng dati ay hindi magawang sagutan.

Sa sandaling nakalipas ay hindi ko namalayang nakaidlip ako sa ganoong posisyon. Marahil ay dahil sa sobrang pag-iisip. Nagising lang ako nang maramdaman kong kumilos si Taguro. Agad akong umalalay sa kaniya at tinitigan siya sa mukha. Pero 'ayun siya at agad na tinanaw ang Chairman.

Nanlumo siya, bumagsak ang mga balikat, na para bang sandali niyang napanaginipan na hindi totoo ang lahat.

"Kumusta ang pakiramdam mo?" tanong ko. Gulat niya akong nilingon na para bang nakalimutan niyang katabi niya ako bago makatulog. **"Matulog ka pa, babe. Gusto mo bang dalhin kita sa kwarto? Babantayan kitang matulog."**

"Hindi na." Umiling pa siya. **"Hindi naman kulang ang tulog ko, sobra-sobra pa nga."**

Ang totoo ay inaasahan kong gaya ni Randall ay wala siyang tulog at kain. Na gaya ni Randall ay pilit niyang pinasasaya ang sarili nang mamatay ang Tito Rham. Pero sadyang iba si Taguro. Normal ang pagdadalamhati niya pero naninibago pa rin ako. Malayo kasi ang nakikita ko sa aking inaasahan. Umasa akong gaya ni Randall ay pilit niyang pagtatakpan ang tunay na nararadaman.

Pero sa kabila nang pagpapakatotoo niya ay pakiramdam ko, ako ang higit na nasasaktan para sa kaniya. Tama si Heurt, mahina siya ngayon at kahit na galit ay walang magawa. Patay na ang Chairman ng mga Moon. Kahit anong galit pa ang maramdaman niya ay hindi niya na maibabalik ito sa buhay.

"No'ng bata ako..." Hindi ko inaasahang magsasalita si Taguro. Nilingon ko siya, nakatanaw pa rin siya sa Chairman. **"Parati akong galit sa kanila. Pakiramdam ko kasi ay 'yong mali ko lang ang nakikita nila. At paulit-ulit nila 'yong isinusumbat sa 'kin na para bang hindi ako natututo o nadadala. Nito ko lang naisip na ang lahat nang 'yon ay ginagawa at sinasabi nila para sa sarili ko ring ikabubuti. Pakiramdam ko ay naging selfish ako. Hindi ko man lang naiparamdam kung gaano akong nagpapasalamat sa kung ano ako nang dahil sa kanila."**

"Nasisiguro ko namang naiparamdam mo sa kanila 'yon bago mangyari ang bagay na 'to, Taguro."

"Sana nga," pilit siyang ngumiti. Pero kasunod niyon ay ang pangingilid muli ng mga luha niya. **"Kahit ilang beses akong pagalitan ng Chairman noon, nakikita ko sa mga mata niya kung gaano siyang ka-proud sa lahat ng bagay na nagagawa ko. Maliit man o malaki, proud na proud siya sa 'kin. Pero parati kong sinasabi sa sarili ko na ako lang ang nakakakita niyon, na hindi talaga 'yon ang nararamdaman ng Chairman. Dahil wala akong iba kundi isang disappointment sa kanila."**

"Ikaw lang ang nag-iisip no'n, Taguro."

"Gano'n na nga. Dahil bago siya mawala ay ipinaramdam at sinabi niya sa 'kin kung gaano ako kahalaga, kung gaano niya akong hinahangaan. Ipinaramdam niya sa 'kin kung gaano niya ako kamahal."

Hindi ko nagawang makapagsalita. Natatandaan ko pa kasi ang mga sinabi niya sa akin noon tungkol sa pamilya niya. Nauunawaan ko ang nararamdaman niya sa mga ito, at masasabi kong nagkamali nga siya. Natutuwa ako kahit papaano na ganito ang takbo ng isip niya ngayon. Puno ng pagmamahal kahit nasasaktan.

"Hindi ko pa nasasabi lahat sa kaniya, Deib," muling gumaralgal ang tinig ni Taguro. Gano'n din kabilis na tumulo ang kaniyang mga luha. **"Hindi ko pa siya napasasalamatan sa pagtuturo sa 'kin magbasa at sumulat. Hindi ko pa naikukwento sa kaniya iyong unang beses na may magtanong sa 'kin kung ano nang oras matapos niya akong turuang magbasa ng oras. Gusto kong malaman niya kung gaano katindi ang galit na naramdaman sa 'kin ng teacher ko no'ng elementarya matapos kong bakatin ang ipinaguguhit nitong mapa, na binakat ko gamit ang gaas dahil iyon ang itinuro niya. Lahat...lahat nang nangyari noong bata pa ako ay malinaw sa 'kin hanggang ngayon. At gusto ko siyang pasalamatan dahil malaki ang naging bahagi niya sa pagkatao ko ngayon. Pero paano? Paano ko pa magagawa 'yon kung nakahimlay na ang katawan niya at hindi ko na siya makakausap pa?"**

"Taguro..." Napayakap ako sa kaniya. Naramdaman ko ang pagtulo ng mga luha ko dahil sa nakahahawang emosyon niya.

"Gusto ko siyang makita ulit," humihikbing ani Taguro. **"Gusto ko siyang makausap, makasama, mayakap, gusto kong masabi sa kaniya kung gaano akong nagpapasalamat. Gusto kong sabihin sa kaniyang mahal ko siya at kung gaano ako kaswerte bilang apo niya."**

Napayakap na lang uli ako sa kaniya. Hindi ko alam kung ano ang sasabihin. Mas nauuna pa akong maluha kaysa sa kaniya.

"Hindi mawala sa isip ko 'yong huling pagkakataon na niyakap niya ako. Mas matagal 'yon kaysa madalas niyang gawin. Nang magpaalam siya sa 'kin ay parang nabasag ang boses niya. Nasaktan ako nang sobra pero hindi ko na lang ipinakita," emosyonal niyang kwento. **"Kung nalaman ko lang na iyon na pala ang huli, hindi na sana ako**

umalis sa tabi niya. Nanatili na lang sana ako at inubos ang sandali sa pakikipagkwentuhan. Lahat ay naisaayos niya bago niya kami iwan."

"Max..." Sa hindi inaasahan ay nangibabaw ang pamilyar na tinig ni Parrot.

Napakalas ako sa pagkakayakap si Taguro at lumingon. 'Ayun nga si Parrot, mugtong-mugto ang mga mata at nakatingin nang deretso kay Taguro. Naramdaman kong tumayo si Taguro, lumapit naman si Parrot at bago ko pa magawang kumilos ay patakbo na silang lumapit sa isa't isa.

"I'm sorry, kailan ko lang nalaman," umiiyak na sabi ni Parrot.

"Wala na ang Chairman, Naih. Wala na ang lolo ko," parang batang umiiyak na sabi ni Taguro.

"I'm sorry, Max, I'm so sorry," iyon na lang ang nagawang sabihin ni Parrot.

Hindi naman na sumagot pa si Taguro. Sa halip ay umiyak na lang siya nang umiyak habang nakayakap sa kaibigan. Napabuntong-hininga na lang ako at pinanood sila. Pero muli akong natinag nang mula sa likuran nila ay nakita ko sina Lee at Tob, malungkot din ang mga mukha. Naglakad ako papalapit at nakipagbatian sa kanila. Pare-pareho naming tinanaw sina Parrot at Taguro nang maupo ang mga ito.

"Grabe, gulat na gulat ako nang marinig ko ang balita," halos pabulong na sabi ni Tob.

"Lumapit na ba kayo sa Chairman?" tanong ko.

"Yeah," si Lee ang sumagot. **"Sa entrance pa lang ay sinabihan na kami na kailangan munang lumapit kay Chairman Moon bago bumati sa pamilya nila."**

"Kumusta si Max, 'dre?" tanong naman ni Tob.

Napapabuntong-hininga kong nilingon si Taguro na umiiyak pa rin habang nagkukwento kay Parrot. **"Hindi ko mai-describe, 'dre. Masyado siyang malungkot."**

"Natural," napapabuntong-hiningang tugon ni Tob. **"Kami nga ay hindi makapaniwala. Gustuhin ko mang magtanong tungkol sa nangyari ay hindi naman daw pwede."**

"May mga nalaman akong kaunti tungkol sa nangyari. Saka na lang siguro natin pag-usapan," sabi ni Lee. Tiningnan niya ang kabuuan ko. **"Sorry hindi man lang ako nakadalaw sa hospital. Nagbakasyon kami nina Kim at kailan lang din namin nakarating sa 'min ang balita."**

"Gano'n din kami, 'dre," ani Tob. **"I still can't believe it. Kumusta ka?"** nando'n ang pag-aalala sa tinig niya.

"Ayos naman na, kahit papaano. Hindi ko magawang intindihin ang sarili ko, parating si Taguro ang iniisip ko." Muli kong nilingon ang girlfriend ko na noon ay nakayakap na naman kay Parrot pero tumahan na.

Hinayaan naming magkuwentuhan ang dalawa. Kaming tatlong magkakaibigan ay nanatili sa isang tabi at pinapanood lang ang kapayapaan ng buong hall. May mangilan-ngilang labas-pasok pero lamang ang tahimik na sandali. Kakaiba ang paraan nila nang pagdaraos nang ganitong klase ng okasyon, naninibago ako.

Mayamaya pa ay pumunta si More sa unahan para pangunahan ang seremonyas. Nang sandaling iyon ay ibinahagi niya sa lahat ng naro'n, karamihan ay malalapit sa pamilya nila, ang masasayang sandali nila kasama ang Chairman. Maging ang mga magagandang pangyayari sa buhay nito ay ikinuwento niya. Tuloy ay hindi ko na naman naiwasang malungkot, lalo ko kasing napatunayan kung gaano kabuti at kabait na tao si Chairman Moon. Kahit sino sigurong apo ay hihilingin itong maging lolo.

Napuno ng tawanan ang buong kwarto bagaman hindi pa rin nawawala ang iyakan. Hindi ko maiwasang pagmasdan ang bawat reaksyon ni Taguro. Magkatabi kami pero parang napakalayo namin sa isa't isa.

"Maxpein," lumapit si Mokz kay Taguro matapos ang maikling seremonyas na iyon.

Palibhasa'y tahimik na naman, kahit mahina ang usapan nila ay nadidinig namin sa di kalayuan. Iyon nga lang ay nag-uusap sila gamit ang sariling salita kaya iilan lang ang aking naiintindihan.

Matapos nilang mag-usap ay lumapit sa 'kin si Taguro. Agad ko naman siyang nginitian. **"Gusto mong kumain, babe? Samahan nating kumain sila,"** isinenyas ko ang mga kaibigan namin.

Hindi na siya nagsalita, tumango na lang siya at nanguna sa daan. Tahimik siyang naupo, pinapanood ko naman ang sunod-sunod na pagbuntong-hininga niya. Napakatahimik ng mesa namin. Nakapukol ang paningin ni Taguro sa magkahawak niyang kamay. Habang kami nina Lee, Parrot, Tob at Yaz ay mga nakatingin lang sa kaniya at nakikiramdam. Nakagawa lang kami ng kilos nang lumapit ang serbidora at latagan kami ng pagkain.

"Pwede ba kitang makausap sandali?" mayamaya ay tanong ni Taguro.

"Oo naman," agad na sagot ko. Nilingon ko ang mga kasama namin bago ako tuluyang tumayo.

Inalalayan ko si Taguro saka hinayaang manguna sa daan. Sa sumunod na kwarto kami pumasok. Ganoon kalaki ang hall na iyon sapagkat malaki na ang espasyo sa unahan, napalilibutan pa nang naglalakihang kwarto.

"Tungkol saan, Taguro?"

"Aalis kami bukas."

Natigilan ako. **"Saan ang punta niyo?"**

Bumuntong-hininga siya. **"Bukas nang umaga ay ike-cremate na ang Chairman, dadalhin namin sa Korea ang abo niya."**

Hindi ko nagawang makapagsalita agad. **"I see. Hindi naman kayo magtatagal do'n, 'di ba?"**

"Mga dalawa hanggang tatlong araw."

"Hindi ba ako pwedeng sumama?" nahihiya man ay itinanong ko na rin.

Umiling agad siya. **"Hindi pwede."**

Tumango-tango ako saka bumuntong-hininga. **"Mahihintay naman kita, Taguro. Kung gusto mo ay ihatid ko kayo at sunduin pagbalik."**

Ngumiti siya. **"Sige."**

"'Yon lang ba ang pag-uusapan natin?"

"Meron pa." Sumeryoso niya ulit. **"Gusto kong habang wala kami ay manatili kayo sa mansyon. Naro'n si Heurt."**

"Ha, bakit?"

"Dahil baka kung ano na naman ang gawin ng mga Rewis."

Kinabahan ako bigla. **"Sige,"** wala na akong dahilan para tumanggi. Natatakot akong baka may mapahamak pang muli kapag hindi ako sumang-ayon.

"Sabihin mo 'yan sa pamilya mo. Sabihin mo sa kanila kapag kayo na lang ang magkakasama. Wala akong panahon para magpaliwanag sa kanila."

"I understand, babe."

Hindi siya sumagot agad, matagal siyang tumitig sa 'kin. At bago ko pa man magawang magtanong ay bigla na siyang yumakap sa 'kin.

"Taguro, ayos ka lang?"

"Hindi. Hindi pa rin."

"Nandito lang ako." Hinaplos-haplos ko siya sa buhok.

"Bakit hindi mo sinabi sa 'king kilala mo pala si Lovemir?" Hindi ko inaasahan ang tanong niya.

Napakalas ako sa pagkakayakap at dahan-dahang hinarap siya. Sandali akong naghagilap ng isasagot bago tuluyang nagsalita, **"Ang totoo ay hindi ko siya nakilala, Taguro. Maniwala ka sa 'kin,"** sinsero kong sabi. **"Nang gabing 'yon no'ng una ko siyang makita, napakarungis niya. Malayo ang histura niya ngayon kaysa no'ng una ko siyang makaharap."**

Bumuntong-hininga siya. **"Simula ngayon sana ay maging alerto ka na. 'Wag kang magtitiwala sa kanila."**

"Yes, babe."

Magkahawak-kamay kaming lumabas muli sa kwartong iyon. Natanawan agad namin ang mga Moon na pawang mga nakatayo at nakaharap sa pinto. At gano'n na lang ang gulat ko nang makita ko ang mga Rewis na noon ay nakikipagpalitan ng salita kay Mokz.

Napalingon ako kay Taguro. Gano'n kabilis kong nakita ang panlilisik ng mga mata niya. Kusa siyang bumitaw sa pagkakahawak sa 'kin at saka hinarap ako.

"Go to your family," pabulong na utos niya.

Napamaang na lang ako, walang salitang lumabas sa aking bibig. Basta na lang ako tumango at kabadong sumunod. Maingat akong naglakad papalapit kina mommy. Sandali kong tinanaw ang mga Rewis na noon ay hindi naalis sa mga Moon ang paningin. Ang ngisi sa kanilang mga mukha ay hindi mapunit.

Ang titigas ng mukha nga mga 'to, nakuha pang magpakita dito!

Pero gano'n na lang ang pagkabigla ko nang malingat ako't tanawin si Taguro ay hawak niya na sa ulo ang isa sa mga tauhan! Walang kahirap-hirap, swabeng-swabe niyang naikot ang ulo nito dahilan para mabali ang leeg nito.

Taguro... Nagtindigan ang mga balahibo ko. Agad na nagkarambola ang tibok ng puso ko.

Ngunit anumang kilos ay hindi ko nagawa. Napako ako sa kinatatayuan at pinanonood siyang isa-isahin ang mga tauhan. Nasa likuran ng mga Rewis ang mga ito. Hindi ako makapaniwala kung gaano katahimik na nagawa iyon ni Maxpein! At lalong hindi ako makapaniwalang magagawa niya iyon.

Gano'n na lang din ang gulat ng mga Rewis matapos nitong lingunin siya. Gulat na gulat matapos makita ang nangyari nang hindi nila namamalayan sa mga tauhan nila.

"Taguro...!" Gustuhin ko mang isigaw iyon ay hindi ko na nagawa. Hinila ako ni mommy pabalik nang akma akong lalapit kay Taguro.

Gano'n na lang ang gulat ko nang paputukan niya nga ng baril si Cargosin matapos siyang hamunin nito. Hindi ko maipaliwanag ang nababasa kong emosyon sa mukha niya, lalo na sa kaniyang mga mata. Malayo sa galit na nabasa ko noong ibang kaaway ang kaharap niya. Pero sa hindi maipaliwanag na dahilan ay nababatid kong higit na mas matindi ito kaysa noon.

Hindi ko inaasahan na gagawin 'yon ni Taguro. Hanggang ngayon ay napakatindi ng kabog sa dibdib ko dulot ng gulat. Nanginginig ang mga kamay at tuhod ko na para ba akong babagsak. Hindi ganito ang pagkakakilala ko kay Taguro. Kung noon ay nagagawa niyang bale-walain ang lahat, kahit pa siya ang higit na nahihirapan at nasasaktan, mukhang iba na ngayon. Sa isang salita ay pinaputukan niya si Cargosin sa mismong hita. Tuloy-tuloy sa pagdaloy ang dugo nito at wala ni isa sa mga kasamahan niya ang makakilos para tulungan siya.

"Sa susunod na paputukin ko 'to, maghahabol ka na sa hininga mo," ani Taguro saka ibinaba ang kamay niyang may hawak na baril. **"Mga ilang araw mo pa gustong mabuhay? At sa anong paraan mo gustong mamatay?"** mayamaya ay tanong niya dahilan upang manlaki ang mata ng mga kaharap niya, maging nang mga nakarinig.

Hindi nagawang sumagot ni Cargosin, mababasa ang magkahalong galit at takot sa mga mata niya. Nakipagtitigan siya kay Taguro sa abot ng kaniyang makakaya pero sa huli ay siya rin ang sumuko. Umatras siya at tiningnan ang mga kabado niya ring kasama. Mahahalatang hindi nila alam kung ano ang gagawin.

"Sagot!" sigaw ni Taguro na muling pinaputukan si Cargosin dahilan para mapasigaw ito.

Kakaibang Taguro nga ang nakikita ko ngayon. Ang baril ay para niya lang ipinangsesensyas pero nagawa na pala niyong tamaan si Cargosin nang hindi namin namamalayan. Hindi niya inaalis ang paningin sa mga mata ni Cargosin pero alam niya kung saan ito aasintahin.

Mabilis na dumanak ang dugo ni Cargosin sa kaniyang paanan. Nabahiran niyon ang sahig na kanina ay walang kasing-kintab sa linis. Pero

wala pa rin silang masabi, hindi lalo nila malaman kung ano ang gagawin.

"Hayop ka, Maxpein!" umuungol na hiyaw niya.

"King ina, kung hayop ako, ano ka pa?" hindi magawang ngumisi sa galit ni Taguro. Bagaman himig sarkastiko ang tinig niya ay naro'n pa rin ang napipigilang galit.

"Ganito pala kayong magbigay respeto sa namatay," nagsalita si Chairman Rewis. **"Nakikipagbarilan kahit naglalamay."**

"Tahimik naming idinaraos 'to, ang kaso ay dumating kayo. Hindi pa humuhupa ang galit ko, Chairman Rewis."

"Ano ang gagawin mo sa amin kung ganoon?" sarkastikong tanong ni Chairman Rewis. **"Magagawa mo ba kaming patayin?"**

"Oo," walang takot na tugon ni Taguro.

"Ngunit paano? Hindi ba't ipinagbabawal iyon sa batas ng organisasyon ninyo?" humalakhak ang Chairman sa huli.

Sandaling natahimik si Taguro. **"Ipinagbabawal, oo. Pero hindi porket bawal, hindi na pwedeng gawin. Magagawa ba namang pigilan ng batas ang kakayahang kumilos ng isang galit na tao? Magagawa bang pahintuin ng batas na iyon ang bala ko na tatama sa ulo mo?"** Nagtiim ang bagang ng Chairman sa sinabi ni Taguro. **"Hindi, 'di ba, Chairman Rewis?"** sarkastiko niyang sabi bago muling sumeryoso. **"Ang batas ay wala ngayon sa harap ko para pigilan ako, Chairman Rewis. Magagawa ko ang lahat ng gusto ko. Mapapatay kita sa paraang ikinamatay ng asawa mo."**

Tumiim ang bagang sa galit ni Chairman Rewis. Mabilis na nanginig ang mga kalamnan niya at galit na dinuro si Taguro. Iniangat ni Taguro ang hawak na baril at deretsong itinutok sa kaniya. Dahilan para mapahakbang paatras ang Chairman.

Gaya ng dati, maski isang kilos ay walang ginagawa ang mga Moon. Pawang mga nakatingin lang sila sa nangyayari. Blangko ang kanilang mga reaksyon na para bang walang nangyayaring komosyon.

"Mommy," pabulong kong sabi, akmang lalapit ulit. Pero mahigpit ang pagkakahawak sa 'kin ni mommy, nangingilid ang kaniyang mga luha.

"Ayaw kong madamay ka, anak. Hindi mo laban ito. Pakiusap."

"Pero..." Napalingon na agad ako kay Taguro, hindi ko na nagawang sagutin pa ang mommy ko.

Nag-aalala ako kahit pa alam kong mas may laban si Taguro kompara sa mga kaharap niya. Hindi na mawala sa isip ko ang matinding pasakit at

pagpapahirap na ginawa nila sa 'min. Nagpapaulit-ulit iyon sa isip at alaala ko sa t'wing makikita ko ang sugat ko maging ng mga nakasama ko sa insidente. Wala nang makabubura pa sa gulo na idinulot sa 'min ng mga Rewis.

At higit kong ipinag-aalala ay ang idudulot ng galit niya sa mga Rewis. Sa nakikita ko ngayon ay handa siyang panindigan ang mga sinasabi. Handa siyang patayin ang mga ito. Kung ako man ang nasa posisyon niya ay baka gano'n din ang nagawa ko, dahil sa karumal-dumal na ginawa nila sa Chairman. Ngunit dahil hindi gano'n ang kilala kong Taguro, kapag nagkataon ay talagang magugulat ako.

"Sa ganitong paraan mo gustong gumanti, Maxpein, iyong wala kaming kalaban-laban?" nagsalita si Taylor.

Parang apoy na nagliyab bigla ang galit sa mga mata ni Taguro nang lingunin niya ito. Kunot na kunot ang noo at nanginginig ang kamay sa kagustuhang paputukan ito. Pero bilib ako sa pagpipigil niya. Parang kayang-kaya niyang patumbahin lahat ng kaharap pero nagagawa niyang pigilan.

Bagaman naro'n ang matinding galit ay mabilis na nangilid ang mga luha ni Taguro. **"Anong laban ng lolo ro'n sa ginawa mo, Taylor?"** mariin na mariing tanong niya, nangungunot ang noo nang sobra. **"Anong laban namin do'n sa ginawa ninyo sa akin at sa pamilya ko?"**

Hindi na naman nagawang sumagot ni Taylor. Hindi niya na rin magawang ngumisi ngayon gaya ng madalas niyang gawin noon. Deretso siyang tumitig kay Taguro sa paraang animong ngayon lang nito nauunawaan ang pagkakamali.

"Simula't sapul ay wala akong matandaang mali sa mga ginawa namin sa inyo. Kayo ang nanghimasok sa teritoryong pag-aari ng pamilya ko," dagdag ni Taguro, anumang oras ay para na siyang hihikbi. **"Gustong-gusto ko kayong saktan pero oras na magsalita na ang taong nakahimlay diyan,"** itinuro niya ang gawi ni Chairman Moon nang hindi inaalis ang paningin sa kausap. **"Wala na akong nagagawa kundi ang manahimik na lang."**

"At dapat kong ipagpasalamat iyon?"

"Oo." Tumiim ang bagang ni Taguro. **"At dapat mo ring pagsisihan ngayon dahil hindi ako patatahimikin ng galit ko."**

"Noon pa man sana ay pinatay mo na ako. Hindi sana'y buhay pa ang lolo mo."

"Ang pagpatay ay hindi tulad ng pagligo na pwede mong gawin kung kailan ka mainitan. Hindi ako tulad ninyo. Pero 'wag kang mag-alala dahil ilang beses na kitang pinatay sa isip, Taylor. Ikaw at ang pamilya mo."

"Ngunit bakit walang nalalagas sa pamilya ko?" Ngumisi si Taylor. **"Huwag naman sanang puro yabang, Maxpein Moon."**

"Sila nga ba ang pamilya mo?" Nawala ang pagiging emosyonal ni Taguro.

Natigilan si Taylor at dahan-dahang umayos sa pagkakatayo. Matagal siyang napatitig kay Taguro na para bang itinatama ang una niyang pakahulugan sa sinabi nito. Nang makontento ay humakbang siya papalapit, naroon ang takot, saka dinuro si Taguro habang nanginginig ang buong braso.

"Ano ang ginawa mo sa pamilya ko?" singhal ni Taylor. Hindi sumagot si Taguro. **"Ano ang ginawa mo sa pamilya ko! Bakit kailangang madamay ng pamilya ko rito! Hayop ka—!"** Ngunit hindi niya na nagawang tapusin pa ang sasabihin.

Natigilan siya akmang pagsugod kay Taguro nang walang takot siya nitong barilin. Napaatras si Taylor, natumba na sana kung hindi nasalo ng mga kasamahan niya, at nanlalaki ang mga matang nag-angat ng tingin kay Taguro.

"You hit me, we hit you. We ain't a family for no reason, Taylor," walang emosyong tugon ni Taguro.

"What did you do to my family!" nagpumiglas si Taylor para makatayo uli.

"Wala pa." Noon lang ngumisi si Taguro. **"But if you want to know what I'm gonna do, I'm going to cut your tongue and sent it to your wife."**

"*Vete a la mierda, chingate*!"

"Wala kayong ideya sa kahalagahan ng taong kinuha ninyo sa amin."

"Mahalaga rin ang mommy namin!" sumabat si Eerah Anitha, galit na galit, hawak-hawak si Cargosin.

Hindi agad nakasagot si Taguro. Marahan siyang humakbang papaharap kay Eerah Anitha saka nag-angat ng tingin dito. Sandali niya pang pinakatitigan ang mukha ni Eerah Anitha na para bang nakalimutan niya na ang hitsura nito.

Napaatras naman si Eerah Anitha, mas humigpit pa ang pagkakahawak kay Cargosin. Para bang takot na takot na siya sa ganoong paraan pa lang ng tingin ni Taguro.

"Pero nawala ang halaga niya dahil sa maling paraan ninyo ng paghahanap sa hustisya. Inosente ang pamilya ko," nagsimulang mangilid ang luha sa galit na mga mata ni Taguro. **"Inosente ang lolo ko."** Nagtiim ang bagang niya at pinigilan ang pagluha. **"Pinatay ninyo siya nang walang kalaban-laban. Pinatay ninyo siya sa hindi katanggap-tanggap na dahilan. Pinatay ninyo siya sa kalunos-lunos na paraan."**

"Kailangan bang sa parehong paraan mamatay ang mahal namin at mahal mo sa buhay, Maxpein?" sarkastikong ani Eerah Anitha, handang-handa sa bala na tatama sa kaniya.

Binitiwan niya si Cargosin at matapang na hinarap si Taguro. Nanlilisik ang mga matang nakipagtitigan dito.

"Hanggang ngayon ay mukhang wala kang ideya kung bakit umabot ang lahat sa ganito. Tama ba ako, Maxpein?"

Nanatili sa parehong emosyon si Taguro, walang reaksyon. Halatang walang interes sa sinasabi ng kaharap niya. Kahit na anong salita ay hindi mababago ang sitwasyong kinaroroonan niya kaya kahit ano pa ang sabihin ni Eerah Anitha ay hindi na mawawala ang galit niya.

"Wala kang ideya sa nangyayari kaya hinayaan mo lang na umabot ang lahat sa ganito. Masyado kang naging kampante dahil hindi mo inaasahang aabot sa ganito ang mga pangyayari, hindi ba, Maxpein?" dagdag ni Eerah Anitha.

Nagbago ang reaksyon ni Taguro. Nando'n na ang interes niya sa sinasabi ng kaharap.

"Sisihin mo ang sarili mo dahil binale-wala mo ang galit namin," patuloy ni Eerah Anitha. **"Dahil inisip mong madadala mo kami sa takot dahil sa kakayahan mong lumaban. Nagkamali ka, Maxpein."**

"Kung gano'n ay sabihin mo sa 'kin ang dahilan mo," kaswal na sagot ni Taguro. **"Sabihin mo sa 'kin kung ano ang dahilan ninyo ng pamilya mo para patayin sa gano'ng paraan ang lolo ko."**

Napatitig si Eerah Anitha kay Taguro. Seryoso at animong gulat na gulat. Namilog ang bibig niya, nanlaki ang mga mata na para bang hindi makapaniwala. Saka siya humalakhak at muling tumitig sa kaharap.

"You really have no idea, Maxpein? Are you kidding me?" sarkastikong tanong ni Eerah Anitha sa nagpipigil na lang na si Taguro.

"You have no idea?" muli siyang napahalakhak. **"I can't believe this!"** Nilingon niya ang mga kasama saka nagpatuloy sa pagtawa.

Ngunit agad na natigilan ang lahat nang bigla akong lingunin ni Eerah Anitha. Inosente akong nakipagtitigan sa kaniya habang siya ay nakapanggigigil sa galit ang paraan nang pagkakangisi sa 'kin. Napalingon ako kay Taguro, nabasa ko ang pagtataka sa mga mata niya, bago ako muling napatingin kay Eerah Anitha. Bow du bleep.

"I thought you cannot trust me, Lohr?" aniyang nakangisi sa 'kin, itinatago sa mga mata ang galit. **"You told me you will never ever trust me. What happened?"**

Napatitig ako kay Eerah Anitha, nangangapa ng isasagot sa nakakaasar na tanong niya. Nakakaasar dahil sarkastiko ang tono ng pananalita niya.

"Lohr?" muli niyang tawag nang hindi ako makasagot.

"Ano ang sinasabi mo, Eerah?" gigil kong tanong.

Umangat ang gilid ng labi niya, pinagkrus ang mga braso at humakbang papalapit sa 'kin. **"Hindi ba't nasa puso ang deprensya mo?"** tiningnan niya pa ang dibdib ko. **"Bakit naapektuhan yata pati ang iyong alaala?"**

Lalong nangunot ang noo ko. Hindi ko maintindihan kung ano ang sinasabi ni Eerah Anitha. Sa isip ko ay paulit-ulit ko siyang minura, lalo na nang mapako sa 'kin ang atensyon ng ilan. Nagtatanong ang mga mata ng mga kasamahan ko, lalo na ni Taguro. Pero wala akong mahita sa bagay na tinutukoy ni Eerah Anitha.

"I don't know what you're saying!" singhal ko. Hindi ko na napigilan ang sarili kong humakbang papalapit. Maging sina mommy ay naguguluhan na sa sinasabi ni Eerah Anitha. At nanggigigil ako dahil sa tono niya ay parang may ibinibintang siya sa akin.

"I already warned you, you're in danger. You and your family, you are all in danger." Lalong ngumisi si Eerah Anitha. Hindi ko maipaliwanag kung bakit gano'n na lang ang kaba sa dibdib ko. **"Alam mo, Lohr. Alam mo ang lahat."**

Natigilan ako at kabadong napatitig sa kaniya. Ngunit kasama ng kaba na iyon ay ang galit na namumuo sa aking puso at isipin. Galit hindi para sa kaniya kundi para sa akin. Unti-unti ay nanunuot sa alaala ko ang sandaling iyon na magkasama kami ni Eerah Anitha. Unti-unti ay naaalala ko ang mga salitang binitiwan niya na binale-wala ko dahil sa walang kamatayan niyang paghingi niya sa aking tiwala. Unti-unti ay parang gusto kong malugmok sa kinatatayuan ko.

Tumindi nang tumindi ang kaba sa dibdib ko. Hindi ko na magawa pang ilinga ang paningin ko. Hindi ko magawang alisin kay Eerah Anitha ang aking tingin. Pakiramdam ko kapag ginawa ko iyon ay guguho ang mundo ko.

"Hindi ako makapaniwala, Lohr," tuwang-tuwa talaga si Eerah Anitha. **"I mean, you were so mad back then—I didn't expect na sa huli ay pagtitiwalaan mo pa rin pala ako."**

"What the hell..." Sunod-sunod ang pag-iling ko.

Sarkastikong nilingon ni Eerah Anitha si Taguro, inaasar ito sa pamamagitan ng pagngisi. **"Hindi niya sinabi sa 'yo?"** Nanatiling nakatingin si Taguro sa kaniya, walang emosyon. **"Akala ko pa naman ay alam mo na ang lahat,"** pinakadiinan niya ang huling sinabi. **"I thought you already knew everything kaya gano'n na lang kalakas ang loob mong gawin sa 'min ang lahat ng ginawa namin kay Lohr."** Humalakhak na naman siya nang todo.

"What are you talking about?" Hindi napigilan ni Maxwell ang magsalita.

Ngunit hindi siya pinansin ni Eerah Anitha. Nanatili itong nakatingin sa 'kin. **"Hindi mo sinabi sa mga Moon na alam mo kung bakit kami naghihiganti, Lohr?"**

Hindi ko rin magawang alisin ang paningin ko kay Eerah Anitha. Lalong tumindi ang kaba ko. Gusto ko siyang sigawan at murahin pero hindi ko na alam kung para sa'n pa 'yon. At ang paraan niya nang panggigipit sa 'kin na magsalita ay lalong nakadaragdag sa galit ko gayong kasalanan ko rin ito.

Shit... Bakit nga ba hindi ko nasabi kay Taguro ang tungkol sa napag-usapan namin ng babaeng ito noon?

Ang kaba ko ay para kay Taguro at sa pamilya niya. Kaba dahil sa hindi ko pagsasalita. Takot na ang dahilan ay kawalan ko ng pag-iingat. Takot na kung nagawa kong magsalita, kung naging responsable lang sana ako, kung naging maingat ako, kung pinagana ko ang utak ko, baka hindi umabot dito. Baka may nagbago kahit papaano.

Nasa kung saan na ang paningin ni Taguro nang sulyapan ko. Parang binambo ang dibdib ko nang sa hindi inaasahan ay magtama ang paningin namin. Nagkarambola ang kung ano-anong parte ng aking katawan. Natatakot ako sa kaniya.

Wala pa man ay sinisisi ko na ang sarili ko. At hindi ko alam kung ano pa ang mararamdaman ko kapag ang paninisi ay nagmula na kay Taguro. Pero

huli na ang lahat, wala akong magawa kundi ang magsisi na lang. Pagsisisi na hindi ko alam kung magagawang tanggapin ng taong mahal ko at ng mga taong mahal niya.

"Hindi ako nagkamali. Dumating nga ang oras na kusa kang magtitiwala sa 'kin, at ngayon iyon," noon lang sumeryoso si Eerah Anitha.

Pakiramdam namin ay para kaming pinagdamutan ng tadhana. Maayos kaming nakiusap pero hindi kami nagawang pagbigyan... Umalingawngaw sa isip ko ang mga sinabi ni Eerah Anitha nang sandaling iyon.

"Bakit hindi mo sinabi sa girlfriend mo ang dahilan, Lohr? Bakit hindi mo sinabi sa kanila na alam mo ang dahilan kung bakit kami naghihiganti?" bulalas ni Eerah Anitha. **"Hindi mo pinahalagahan ang sinabi ko sa iyong dahilan, Lohr. You are so stupid!"** Humalakhak siya sa paraang nakakainsulto, nakakapanginig ng buto.

Hindi ko magawang sumagot. Napalingon ako kay Taguro. Mayamaya pa ay isa-isa kong tiningnan ang mga Moon. Lahat sila ay mga nakatingin sa 'kin, gano'n na rin ang pamilya ko at iba pa. Lahat din sila ay nagtatanong ang mga tingin.

Muli akong napatitig kay Taguro. Walang mababasang emosyon sa mukha niya pero ang nangunguwestiyon niyang mga mata ay inuusig ang konsensya ko.

"Nalaman ko man o hindi, sapat ba 'yong dahilan mo at ng pamilya mo para patayin ang lolo ko?" nangibabaw ang tinig ni Taguro dahilan para maagaw niya ang atensyon ng lahat na kanina ay nasa akin.

Deretso silang nagtitigan ni Eerah Anitha. Kahanga-hangang hindi ko man lang makitang kumurap si Taguro. Habang si Eerah Anitha ay sunod-sunod sa pagkurap at hindi makasagot sa sinabi ng kaharap nito.

"Namatay ang nanay mo, naiintindihan namin 'yon ng pamilya ko," patuloy ni Taguro, hindi man lang inaalis ang papatalim nang tingin kay Eerah Anitha. **"Pero tama ba na buhay ni Chairman Moon ang singilin ninyo ng pamilya mo bilang kabayaran sa buhay na nawala sa inyo? Hindi."** Tumiim ang bagang ni Taguro. **"Dahil sobra-sobra ang buhay niya para sa mommy mo, Eerah."**

"Magtigil ka!"

"Bakit nasasaktan ka, ampon ka lang, 'di ba?"

"*Kieta el...*"

"At ano ang nakapanghihinayang sa pagkawala ng Felicidad na 'yon kung ganitong paraan siya magpalaki ng ampon? Nothing. She deserves to die, then."

"Maxpein," nangibabaw ang tinig ni Mokz nang hindi magawang sumagot ni Eerah Anitha. Hindi man lang siya nilingon ni Taguro, hindi nito inaalis ang paningin sa kaharap. **"Umalis na kayo bago malagutan ng hininga ang mga kasama ninyo."**

Galit na napatitig kay Mokz si Chairman Rewis. Ngunit mas matinding galit ang nabasa ko sa kaniyang mga mata nang lingunin niya si Taguro.

"Take care," ani Taguro dahilan para lingunin siya ng lahat ng mga Rewis. **"And prepare for my vengeance."**

Noon ay walang sali-salitang kumilos ang mga Rewis, mabilis at nagmamadali. Atubili silang lumingon pero agad ding lumabas sa pinto kung saan hindi man lang sila nakalayo.

"Ito na ang huling pagkakataong patatakasin ko kayo," ani Taguro habang nakatingin sa pinto sa kaniyang harapan.

"Taguro!" Patakbo akong lumapit at agad siyang hinawakan sa braso.

Pero gano'n na lang ang gulat ko nang hilahin niya ang sariling braso at umatras papalayo sa 'kin. Walang mababasang galit sa mga mata niya. Ngunit nakakakaba ang pagiging blangko ng kaniyang emosyon.

Humakbang ako papalapit. **"Taguro..."**

Bahagyang lumiit ang mga mata niya. **"Alam mo?"**

Natigilan ako at sunod-sunod na napalunok. Nilingon ko ang lahat, lahat sila ay nakatingin sa akin, bago ko muling sinalubong ang tingin ni Taguro.

"Alam mo ang dahilan nila, Deib?" Doon na nagsimulang kumunot ang noo ni Taguro.

"Taguro..."

"Alam mo nga."

"Taguro, I-I'm sorry..." Gusto ko na agad lumuhod. Hindi ko napigilan ang pangingilid ng mga luha ko.

"Oh, my God..." Dinig na dinig ko ang nanlumo at maiiyak nang tinig ni mommy.

Hindi ko inalis kay Taguro ang paningin ko. **"Taguro, maniwala ka sa 'kin, hindi ko sinasadyang ilihim. Hindi ko inilihim. Hindi ko lang..."** Lalo akong kinabahan. Hindi ko alam kung paano akong magpapaliwanag. Hindi ko alam kung paano ko sasabihin.

"Ano?" walang emosyong tanong niya.

"Napakaraming nangyari, Taguro."

"At?" dahan-dahang nabuhay ang galit sa mga mata niya.

Napailing ako at muling nagtangkang hawakan siya. **"Babe..."** Lalong nangilid ang mga luha ko. **"Babe, n-nawala sa isip ko."**

Napasinghal siya ng pagmura. **"Nawala sa isip mo?"** mariing tanong niya.

Sumubok muli akong lumapit pero umatras siya at nagpaikot-ikot sa kinatatayuan. Inihawak niya ang parehong kamay sa ulo na animong nababaliw. Hinilamusan niya ang mukha bago muling tumingin sa 'kin.

Pero hindi siya nagsalita.

"Babe, sorry," maiiyak nang sabi ko. **"Hindi ko sinasadya. Hindi ako naniwala kay Eerah. Oo sinabi niya sa 'kin ang dahilan nila pero hindi ako naniwala."**

"King ina!" sigaw niya dahilan para magulat ako. Galit na ang mga mata niya nang harapin muli ako. **"Ugaling-ugali mo 'yan, 'no?"** nanunumbat niyang tanong. **"Ugaling-ugali mo 'yan!"**

"Sorry, Taguro..."

"Sorry? Sabihin mo sa 'kin, ano ang magagawa niyang sorry mo?"

"Pein, give me the gun," nag-uutos ang tinig ni Maxwell. Pero hindi kumilos si Taguro. **"I said give me the gun!"** sigaw niya na. Pabato iyong ibinigay ni Taguro nang hindi inaalis ang paningin sa 'kin.

"Natakot ako," nagmamakaawa ang tinig ko. **"Natakot ako na baka kung ano ang gawin ninyo kapag sinabi ko. Natakot ako na baka kung ano ang mangyari kapag nagsalita ako. Ang sinabi niya ay 'wag ko raw s-sasabihin, na magtiwala raw ako sa kaniya. H-Hindi ako naniniwala kay Eerah, babe."**

"Pero hindi ka nagsalita!"

"Plano kong magsalita pero...sa dami nang n-nangyari, nawala na 'yon sa isip ko, Taguro. Maniwala ka sa 'kin," paliwanag ko.

"Nawala sa isip mo..." Halo-halo ang emosyon sa tinig ni Taguro.

"I'm sorry. Totoong nawala sa isip ko—"

"That's bullshit, Deib!" singhal niya. **"Paano mo nagagawang balewalain ang mga importanteng bagay! Alam mo ang lahat ng insidente, hindi 'yon gano'n kagagaan para mawala sa isip mo ang mga detalyeng 'yan!"**

"Wala akong nagawa, Taguro! Natakot ako masyado!" luhaan nang sigaw ko. Nawawalan ako ng pag-asa. Ang lahat ng paningin ay nasa akin

at pakiramdam ko ay ako na ngayon ang sinisisi nila.

Hindi siya agad nakasagot. Galit siyang tumitig sa 'kin, nangingilid ang mga luha at makikita ang panginginig ng mga kamay.

"Taguro..." Luhaan akong lumapit at dahan-dahang lumuhod sa harapan niya.

Hindi siya kumilos. Hinayaan niya akong hawakan siya sa kamay. Ipinatong ko ang aking noo sa likuran ng palad niya saka doon umiyak.

"I'm so sorry, babe. Hindi ko sinasadya. Natakot ako, wala akong nagawa. I am so sorry, babe. Patawarin mo ako." Kusa nang lumabas sa bibig ko ang mga salitang 'yon.

"'Yon na nga ang masakit, Deib. Wala ka na ngang magawa, hindi ka pa nagsalita." Inagaw niya nang pilit ang kamay mula sa 'kin at saka ako tinalikuran. **"Ayaw kitang sisihin sa nangyari. Pero kung nagtiwala ka sa 'kin, baka hindi umabot sa ganito ang lahat, Sensui. Mukhang nagkamali ako sa pagkakaintindi sa tunay na tiwala mo sa 'kin."**

Agad akong nag-angat ng tingin sa kaniya. **"Babe, no."** Agad din akong tumayo at humabol sa kaniya. **"May tiwala ako sa 'yo."**

Nilingon niya ako saka umiling. **"Hindi ko na alam kung paanong maniniwala sa 'yo."** Matapos sabihin iyon ay tinalikuran niya na akong muli.

Nang subukan kong humabol ay humarang si Maxwell sa pagitan namin. Gulat akong napatitig kay Maxwell, walang emosyong mababasa sa kaniya ngunit ang galit ay nasa kaniyang mga mata.

"Maxwell..."

"Leave her alone."

"Pero..."

"Baka kung ano ang gawin niya sa 'yo, Deib Lohr. Leave her alone," pagtatapos ni Maxwell saka ako tinalikuran.

Wala akong nagawa kundi ang tanawin si Taguro. Nang mawala siya sa paningin ko ay naramdaman kong muli ang mga paningin nila sa 'kin. Gusto kong magpalamon sa sementong kinatatayuan ko dahil sa labis na pagsisisi at kahihiyan.

Naramdaman ko ang paglapit nina mommy at daddy. Kasunod nila ay lumapit mula sa likuran ko si Chairman Enrile. Si Lolo Dei Min na ang lumapit sa mga Moon upang magpaalam ngunit hindi nakatanggap ng tugon mula sa mga ito.

Nanlumo ako nang makita kong talikuran kami ng mga Moon bago pa man kami tumango sa kanila bilang paalam. Agad na gumalaw ang mga balikat ko at napahikbi ako sa pag-iyak. Gusto kong sumigaw sa galit, hindi para sa kahit na sino, kundi para sa akin. Dahil sa sarili kong katangahan.

~ To be Continued. . . ~

FpT~

OceanofPDF.com

CHAPTER 219 : THE VENGEANCE 1

CHAPTER 219 : THE VENGEANCE 1

Who's back with a vengeance?

MAX'S POV

PUMASOK ako sa pribadong kwarto. Nang maisara ko ang pinto ay napasandal ako ro'n at dahan-dahang napaupo. Tinakpan ko ang bibig ko dahil sa takot kong may makarinig sa pag-iyak ko.

Hindi ako makapaniwalang may nalalaman si Sensui. Sa nalaman kong 'yon ay parang pinupunit nang unti-unti ang puso ko. Nasasaktan ako para kay Chairman, para sa lolo ko. Gusto kong sumigaw at murahin siya pero masyadong lamang ang sakit sa dibdib ko. Pakiramdam ko ay nasayang ang buhay ni Chairman Moon dahil sa pagiging iresponsable namin.

Hindi siya karapat-dapat mamatay sa gano'ng paraan. Hindi. Kahit na sino ay hindi.

"Pein?" nadinig ko ang tinig ni Maxwell kasunod nang pagkatok.

Paulit-ulit akong lumunok saka nagpigil ng hikbi. **"*Bappeuda,*"** pagsisinungaling ko na abala.

"Busy with what?"

"I'm just...busy. Do you need something?"

"No, nothing."

"I'll talk to you later, Maxwell."

"I will wait for you here."

"*Ani,*" umubo ako kunyari. **"Lalabas na lang uli ako mamaya."**

"Are you sure?"

"Yes."

"You're okay, Maxpein, right?"

"Of course, I am."

"Okay, then."

Nadinig ko siyang bumuntong-hininga bago ko tuluyang narinig ang papalayo niyang yabag.

Doon ko na naman hindi napigilan ang sarili kong maluha. Tuloy-tuloy. Napayuko ako sa dalawa kong tuhod. Ang kamao ko ay basta na lang kumuyom sa aking dibdib dahil sa sobrang galit. Galit na galit ako kay Deib.

Hinayaan ko lang ang sarili kong umiyak nang umiyak. Nang makontento ako ay doon ko nagawang makapag-isip nang payapa. Pero kahit anong kabutihan ang ipagpilitan ko sa aking sarili ngayon ay wala akong naiisip kundi kasamaan. Nangangati ang palad kong maghiganti.

Mahigit dalawang oras din akong nanatili sa kwarto. Naligo ako at nagbihis bago tuluyang lumabas. Agad nila akong sinalubong nang may pag-aalala sa mga mata. Mabilis na lumapit sa 'kin si Maze, mugtong-mugto na naman ang mga mata niya, at saka niya ako yinakap. Napabuntong-hininga ako saka tinanaw muli ang Chairman. Walang nagbabago sa sakit na nararamdaman ko. Para pa ngang nadaragdagan.

Napatitig ako sa portrait ng Chairman. Paulit-ulit kong ibinabaon sa isip ko ang maganda niyang ngiti. Ayaw ko 'yong makalimutan.

Sa isip ko ay gusto kong alamin ang lahat ng paraan para maibalik siya sa 'min. Ang puso ko naman ay labis na naghihinagpis sa pagkawala niya. Walang puwang ang pagtanggap sa buong sistema ko, hindi ko matanggap na talagang wala ang aking lolo.

Ilang sandali pa ay sabay-sabay na kaming naupo. Muling tumitig sa Chairman at nagsipag-isip. Kahit anong gawin ko ay paulit-ulit na nanunumbalik sa isip ko ang mga huling sandali na magkasama kami. Ang mga sinabi niya ay nangingibabaw sa pandinig ko na para bang nariyan siya sa tabi ko at sinasabi ang mga 'yon. Ang maganda niyang ngiti ay nagliliwanag sa paningin ko habang nakatitig sa kaniyang litrato.

Mayamaya pa ay niligalig ako ng sarkastikong tinig ni Eerah. Ang mga sinabi niya ay parang isinisigaw nang paulit-ulit sa pandinig ko. Niririndi ako na lalong binubuhay ang galit sa dibdib ko.

"*Noona*?" Hindi ko naramdaman nang makalapit upang tumabi sa 'kin si Maxrill. Natinag na lang ako sa mahinang pagtawag niya.

Inosente siyang tumitig sa 'kin, namumugto rin ang mga mata. Wala pa man ay parang gusto ko na ring maluha. Sa aming lahat kasi ay nasisiguro kong siya ang higit na nasasaktan. Ang mga tanong sa isip niya ay hindi niya alam kung paanong sasagutan. Everyone is different right now, but all of us feels pain.

Wala siyang kaalam-alam sa mga nangyayari at doon kami higit na nasasaktan para kay Maxrill. Masyado siyang inosente sa maraming bagay. Ang kakakarampot niyang nalalaman ay hindi sapat para makaintindi siya.

Pinilit kong ngumiti kahit na nahihirapan ako, kahit na hindi ko iyon gusto. Kung meron mang dahilan para magpakatatag ako, si Maxrill 'yon, at ang bata niyang isip at puso.

"Come here," sinenyasan ko siyang mas lumapit pa sa 'kin.

"If tears could build a stairway, is it okay if I use them to walk right up to heaven and bring Chairman home again?" inosenteng tanong niya. Dahan-dahang nangunot ang noo ko.

"Maxrill..." Hindi ko napigilan ang sarili kong yakapin siya.

Kung kanina ay nagagawa kong mameke ng ngiti, ngayon ay mas mahina na ako sa kaniya. Ako ang umiyak bagaman siya ang may namumugtong mata. Marami akong nalalaman at inosente siya pero lamang ang pang-intindi niya kaysa sa 'kin. Sa mga sinasabi niya ay talagang tanggap niya na ang nangyari, hindi gaya ko na animong nananaginip pa rin.

"I hope he still uses his phone, *Noona*. I want to hear his voice for the last time." Doon na umiyak si Maxrill. Iyak na may halong paghagulgol na parang bata. Kahabag-habag pero wala kaming magawa. **"I miss him so much, *Noona*. I want to see him again."**

"God only takes the best, Maxrill, keep that in mind," bulong ni Maxwell.

Napuno na naman ng pagluha ang sandali. Nakatulog si Maxrill sa balikat ko habang nakayakap pa sa 'kin. Makalipas ang kalahating oras ay binuhat siya ni Maxwell para ihiga sa kwarto. Nang makabalik ay tumabi siya nang nakaakbay ang kamay sa 'kin.

"I can feel your pain," mahinang sabi ni Maxwell. May kung anong bigat iyong idinulot sa dibdib ko. **"Pain is a part of life, Maxpein. Take this pain as a sign that something in our lives needs to be changed."**

"I don't need changes in my life, Maxwell. I want him back," mariing bulong ko.

"But we can't bring him back, Pein. We have to learn how to live without him. His memories will remain in our hearts," mas mariing tugon niya, nagpapaintindi. **"This is happening in reality. I am begging you. Don't allow your wounds to transform you into a person you are not."**

Hindi ko maintindihan kung bakit kahit alam kong tama ang sinasabi niya, para may sariling isip na sinusunod ang galit ko. Hindi ko magawang makinig sa mga sinasabi niya dahil sa loob ko ay may sarili akong plano.

"Hindi ka ba nagsasawa na parati na lang tayo ang umiintindi?" tanong ko, puno pa rin ng galit ang tinig. **"Maxwell, nakita mo 'yong ginawa nila,"** nanggigigil kong sabi.

Bumuntong-hininga siya at matagal bago nagsalita. **"Wala kang ibang dapat na sisihin kung hindi 'yong mga may kagagawan lang, Pein,"** dagdag niya. Ang tono ni Maxwell ay nag-aabiso bilang nakatatanda. **"May nagsalita man o wala, bago mangyari ang lahat, ang nagpasabog lang ang may sala. Do you understand me?"**

Hindi ako sumagot. Ang galit kong mga mata ay napako sa mga bulaklak na nakapalibot sa labi ng Chairman.

"Do you understand me, Maxpein Zin?" pag-uulit ni Maxwell.

"Yes," napapabuntong-hiningang tugon ko.

Sandaling katahimikan ang nangibabaw sa pagitan namin bago siya muling nagsalita, **"Anesthesia may affect a person's memory even years after an operation."**

Natigilan ako ngunit hindi ko iyon ipinahalata. Alam kong si Sensui ang tinutukoy niya.

Hindi na ako kumibo. Nanahimik na lang ako hanggang sa muling makapag-isip.

"May pupuntahan lang ako," paalam ko mayamaya matapos tumayo.

Natigilan ang lahat. Napatayo si Maze at gulat na tumitig sa 'kin. **"But it's late, where are you going, Maxpein?"**

Nanatili sa Chairman ang paningin ko. **"May kakausapin lang ako."**

"Sino?" nag-aalala na ang tinig niya.

"Si Lovemir."

"Maxpein," hinawakan niya ang magkabilang balikat ko. **"Not now, please,"** pabulong na pakiusap niya.

Doon ko siya tiningnan nang may blankong mukha. **"Gusto kong masagot ang mga tanong ko, Maze. Hindi ako matatahimik."**

"Hayaan mo siya, Maze," naniniguro ang tinig ni Mokz. **"Kaya niya ang kaniyang sarili."**

"Pero..." Tumitig sa 'kin si Maze. Punong-puno siya ng pag-aalala.

"I'll take good care of myself, Maze," paniniguro ko. Hindi ko makuhang ngumiti man lang pero nagawa kong hawakan ang braso niya.

"I'll drive you," prisinta ni Maxwell.

Umiling ako. **"Ako nang bahala, salamat."**

Kinuha ko ang susi saka ako lumabas ng hall. Doon ko lang uli namalayan kung anong oras na. Madilim na sa labas at iilan na lang ang bisita. Agad na nagsipagtayuan ang lahat nang naro'n matapos akong makita. Tumango ako sa kanila saka ako nagderetso pababa.

Pero ganoon na lang ang gulat ko nang mabungaran ko ng daan-daang tao. Nanlalaki ang mga matang iginala ko ang aking paningin sa lahat. Ang karamihan ay mga nakahiga na sa kalsada at pare-parehong sinisita ng gwardiya.

"Ano 'to?" tanong ko nang lumapit sa 'kin ang isa sa mga nagpa-patrol.

Napailing ang pulis. **"Gusto raw nilang makiramay sa Chairman. Sinabi na naming hindi pwede pero nagmatigas sila, Ma'am. Hihintayin daw nilang makalabas ang Chairman bukas."**

"Bakit daw?" nalilito kong tanong. Kahit na sa loob ko ay alam ko na ang ibig sabihin nito.

"Gusto raw nilang makita ang Chairman bago ito ihatid sa huling hantungan."

"Kailan pa sila rito?"

"May tatlong araw na rin siguro ang karamihan. Ayaw magsialis. Maging iyong mayor nga ay nakiusap na pero walang nangyari."

May kung anong kurot na idinulot sa dibdib ko ang sinabi ng pulis. Mabilis na namasa ang mga mata ko, agad ko rin 'yong napigilan. Muli kong tiningnan ang mga tao na may hindi kapani-paniwalang bilang. Mga nagkalat sa daan dahilan para mapigilan ang mga sasakyang dumaraan.

"Si Maxpein! Si Maxpein Moon!" sigaw ng isang uugod-ugod nang matandang babae mula sa harapan. Agad ko siyang nilingon.

Pinanood ko ang batang lalaki na alalayan ang matanda papalapit sa 'kin. Hindi ko mapangalanan ang tuwa at saya na nababasa ko sa kabuuan ng kaniyang mukha. Sa sandaling iyon ay gusto kong maiyak sa hindi maipaliwanag na dahilan.

Bago pa man humakbang sa mahigit limang baitang na hagdan ang batang lalaki at kaniyang lola, bumaba na ako at sinalubong sila.

"Ikaw si Maxpein Moon, hindi ba?" magilig na tanong ng matanda.

"Ako nga," kaswal kong sagot.

Nagliwanag ang mukha ng matanda. Kumikislap ang mga matang pinagmasdan ang aking mukha. Hindi nagsalita ang matanda, basta na lang

siya tumingala sa akin at tumitig. Bagaman makikitang hirap na hirap nang manatiling nakatayo ay nagtiis siya para lang makaharap ako.

"Anong kailangan mo?" tanong ko matapos tumikhim.

"Maaari ko bang hawakan ang kamay mo?" tanong ng matanda sa magalang na tono. Gusto kong mahiya dahil sa kabastusan ko.

Hindi na ako sumagot, basta ko na lang inilahad ang kamay ko sa kaniya. Nakita ko pa ang kaniyang pagkamangha bago maingat na tinanggap ang aking kamay. Tumingin ang matanda sa kaniyang apo na para bang isang ginto ang nasa palad niya ngayon. Saka siya muling tumingin sa akin nang may maluha-luhang mga mata.

"Nararamdaman ko ang pagdadalamhati mo, hija," bagaman nakangiti ay naro'n ay lungkot ng pakikiramay sa kaniyang mga mata. **"Isa ako sa mga tinulungan ng iyong lolo. Ang pamilya ko ay suportado ng Chairman Moon,"** anang matanda. Hindi ko nagawang tumugon. **"Kaming lahat dito,"** itinuro niya ang lahat ng tao na naro'n sa labas ng sanctuaryo. **"Lahat kami ay tinulungang mabuhay ng iyong lolo."**

"Pwede ba naming maibigay ang bulaklak na ito para sa Chairman, Ma'am Maxpein?" magalang na tanong ng batang lalaki. Siya naman ang tinunghayan ko. **"Pinag-aaral niya ako nang libre. Ito lang ang nakayanan ko bukod sa matataas kong grado."** Tiningnan ko ay pumpon ng santan sa kaniyang kamay.

Agad akong nag-iwas ng tingin dahil sa luhang nagbabadya nang kumawala sa mga mata ko.

"Isang bayani para sa amin si Chairman Moon, Maxpein. Sana ay hayaan ninyo kaming iparamdam ang aming pakikiramay," pinangiliran ng luha ang matanda, nakikiusap nang todo. **"Handa kaming maghintay sa araw ng bukas, masilayan lamang namin siya sa huling pagkakataon."**

Napatalikod ako. Hindi ko na mapigilan ang mga luha ko. Agad kong pinahiran ang mga 'yon kahit hindi pa mahinto sa pagtulo. Hinayaan kong umiyak ako hanggang sa magawa kong kumalma at muling harapin ang matanda at bata.

Inilabas ko ang telepono mula sa bulsa ko at tinawagan ang isa sa mga tauhan. **"Pabuksan mo ang lahat ng hall sa floor at magpahanda ka ng makakain sa napakaraming tao. Paaakyatin ko ang lahat ng taong nandito sa 'baba."** Ibinaba ko ang linya matapos sabihin iyon.

Gusto kong matigilan nang makita kong umiiyak ang matanda. **"Gaya niya ay napakabuti rin ng iyong puso."**

Hindi ko magawang bigyan siya ng emosyon. **"May sinusunod kaming kultura. Hindi pwede sa amin ang ganito karaming bisita."**

Muli kong tinanaw ang napakaraming na tao na noon ay isa-isa nang nagsisipaglapitan sa gawi namin. Gusto kong ipagtaka at ikagulat ang pagkamanghang nababasa ko sa kanilang mukha. May kung anong alon na idinulot ang tanawing 'yon sa puso ko. Ni minsan ay hindi ko nalamang may ganito karami palang tinutulungan ang aking lolo.

"Bababa ang ilan sa mga tauhan dito at ihahatid kayo kung saan kayo pwedeng pumuwesto sa taas. Pagkasyahin na lang ninyo ang lugar," sa bata ko 'yon sinabi. Hindi ko na kayang tagalan ang nakakahawang aura ng matanda.

Tumango ako nang mababaw sa lahat saka ako nagpaalalay sa mga pulis patungo sa sasakyan. Pagkaupo ko ay muling bumuhos ang mga luha ko. Nasasaktan kong tinanaw ang dami ng tao na nag-uunahang makapasok sa sanctuaryo. Bitbit ang mga luray-luray nilang mga gamit at pinitas na mga bulaklak.

Ganito karami ang nagmamahal sa 'yo, lolo. Ganito ka namin kamahal.

Matapos ang madamdaming sandali ay pinaandar ko ang sasakyan papalayo. Mabilis na naging okupado ang isip ko. Ni wala na akong pakialam sa pagilid. Ang tanging laman ng utak ko ay iyong mga itatanong ko kay Lovemir. Tuloy ay hindi ko nagawang pansinin ang tagal ng byahe, narating ko ang bahay niya nang hindi ko namamalayan.

Sinadya kong ihinto ang dala kong kotse sa may di kalayuan. Naglakad na lang ako hanggang sa harap ng bahay niya.

Galit kong tinitigan ang walang buhay niyang bahay. Madilim iyon at parang walang tao sa loob. Pero dahil sa naririnig kong mahinang tugtugin mula sa piano ay nasisiguro kong naro'n siya.

Pamilyar sa 'kin ang tinutugtog. Dinamdam ko ang tono niyon hanggang sa tahimik kong pasukin ang bahay ni Lovemir. Hindi ako dumaan sa harapan, sinadya kong pumasok mula sa likuran.

♫♪ ***"Sadness has me at the end of the line. Hopeless watched you to break this heart of mine. Loneliness only wants you back here with me. Common sense knows that you're not good enough for me. And all you had to do was apologize...and mean it."*** ♪♫

Mula sa patio sa likuran ay dinig na dinig ko ang magandang boses ni Lovemir. Sinasakop ang katahimikan ng gabi. Pinagaganda ang nakabubulag na kadiliman. Pinalulungkot ang malamig na hangin.

♫♪ ***"Forgiveness says that I should give you one more try. But it's too late, it's over now."*** ♪♫

Pinanood ko siyang tipahin ang piano bagaman hindi ko nakikita ang mga daliri maging ang buong kamay niya. Ang paningin ko ay napako sa nasasaktan pa rin niyang mukha. Na bagaman nilalamon ng dilim ay maaaninag mula sa kakakarampot na liwanag.

Nandoon ang mga sugat at galos. Pero nangingibabaw ang sakit sa na kalooban niya tunay na nararamdaman. Ang pagkakakunot ng kaniyang noo ang nagsusumigaw sa tunay niyang damdamin. Ninanamnam ang bawat salitang nagsilbing kutsiyong tumatarak sa kaniyang dibdib.

Pero alinman sa nakikita ko ay hindi nakababawas sa galit at poot na nararamdaman ko. Sa kabila ng ginawa niya, pagtatanggol man iyon o naaayon sa kanilang plano, ay galit na galit ako. Sa kaniya at sa buo niyang pamilya.

♫♪ ***"You didn't say you're sorry, I don't understand. You don't care that you hurt me. And now I'm half the man that I used to be when it was you and me. You didn't love me enough. My heart may never mend, and you'll never get to love me...again."*** ♪♫

Tahimik akong naupo sa single sofa na may ilang dipa ang layo mula sa kaniya. Muli kong tinanaw ang mukha niya habang tinitipa ang mga key ng piano. Nakapikit siya at nananatiling nakakunot ang noo, ninanamnam pa rin hanggang sa matapos ang tinutugtog. Inulit niya pa muli ang tono ng koro, habang nakapikit, bago tuluyang putulin ang pagtugtog.

Pinanood ko siyang pukulin ng tingin ang piano habang inilalapag ang mga kamay sa magkabila niyang hita. Nanatili ro'n ang paningin niya saka mayamaya'y ngumisi.

"Mas maaga pa sa oras na 'to ang inaasahan kong pagdating mo," aniya.

Nagulat man ay hindi nagawang mag-react ng katawan ko. Basta na lang akong napabuntong-hininga nang hindi inaalis ang paningin sa kaniya.

Isinara niya ang cover ng piano. Huminga nang malalim saka tumayo. Napansin ko agad ang kamay niyang nakahawak sa dibdib kung saan banda siya binaril ni Taylor. Nang matutukan siya ng liwanag ay saka ko tuluyang nakita ang mantsa ng dugo paibaba sa suot niyang damit.

Gusto kong mapaisip kung bakit hanggang ngayon ay gano'n ang sitwasyon niya. Gusto kong alamin kung nagpatingin na ba siya o nagpagamot ng mga sugat na tinamo niya. Pero alinman do'n ay hindi ko na nagawang isipin pa. Masyadong nangingibabaw ang kagustuhan kong alamin kung bakit ito ginawa ng kanilang pamilya.

Naupo siya sa single sofa sa harapan ko. Astang bubuksan ang lamp shade sa tabi niya pero natigilan nang may maramdamang sakit sa dibdib na hawak pa rin niya.

Nadinig ko siyang napamura. Kumunot ang noo ko nang makita ko siyang tatawa-tawa. Huminga uli siya nang malalim saka inihilig ang batok sa kinauupuang sofa. Doon ay naghabol siya ng hininga at nang makontento ay saka deretsong tumingin sa 'kin.

"Ano ang maipaglilingkod ko sa iyo?" pormal at nakangisi niyang tanong.

Bakas sa tono niya kung gaano kahirap para sa kaniyang magsalita nang pinagmumukhang sarkastiko ang sarili. Hindi niya maitago ang paghahabol sa hininga, hinihingal siya. Kung paano niya nagawang kumanta nang gano'n kaganda sa kabila ng sitwasyon niya ay hindi ko alam.

"Kukunin mo na ba ang buhay ko, Maxpein?" dagdag niya.

"'Yon ba ang inaasahan mo?" hindi ko naiwasang maghimig sarkastiko.

"Kung iyon ang kailangan mo."

Sandali akong natahimik. Hindi ko magawang putulin ang deretsong titigan namin. Lalong hindi ko napigilang maging emosyonal agad. **"Bakit ninyo ginawa ito sa 'min, Lovemir?"** Naramdaman ko agad ang pamumuo ng luha sa mga mata ko. **"Bakit kailangang si Chairman Moon pa? Bakit kailangang sa gano'n kabrutal na paraan ninyo kunin ang buhay niya?"**

Hindi niya nagawang sumagot agad. Gulat siyang napatitig sa 'kin at halatang hindi malaman kung ano ang sasabihin. Matagal na sandali ang namutawi sa pagitan namin. Hindi pa rin naaalis ang tingin namin sa isa't isa. Ang pisikal na saki na nararamdaman niya ay tila nawalang bigla dahil sa mga tanong ko. Nagkaro'n ng kakaibang emosyon ang mukha niya, naaawa.

"Nabawasan ba ang sakit na nararamdaman ninyo sa pagkawala ni Doña Felicidad matapos ninyong patayin ang lolo ko?" dagdag kong tanong.

Lalo lang siyang natigilan. Napailing siya at yumuko. Muling napakislot sa iniindang sakit sa dibdib saka huminga nang malalim.

"Gusto kong malaman kung anong pakiramdam, Lovemir. Sabihin mo sa 'kin. Anong pakiramdam nang nakapaghiganti sa ganitong paraan?"

"Maxpein," umiling lang siya nang umiling.

"Ginusto mo bang tumulong?" emosyonal kong tanong.

"Oo."

Nagtiim ang bagang ko. **"Bakit hinintay mo munang umabot sa gano'n katindi ang pangyayari bago ka kumilos?"**

Matagal bago siya nakapagsalita. **"May mga sarili akong dahilan, Maxpein."**

Napailing ako. Tumingin sa kung saan para mapigilan ang mga luha sa pagtulo. **"Sabihin mo nga sa 'kin, ano ang dahilan kung bakit kayo naghihiganti? May mga nalalaman ako pero hindi malinaw ang lahat sa 'kin. Hindi ko maintindihan."** Umiling ako nang umiling. **"Hindi ko mahanapan ng sagot ang lahat. At kung hahanapin ko 'yon sa mga kapatid at ama mo, baka hindi pa sila nakapagsasalita ay napatay ko na sila. Sa harap mo ay nakapagtitimpi pa 'ko, kaya kung maaari, kung gusto mo talagang makatulong, Lovemir, sabihin mo ang lahat sa 'kin."**

"Lalo kang magagalit kapag nalaman mo," nakangisi ang labi ngunit may malungkot na mga mata niyang sinabi.

"Kung gano'n ay tanggapin ninyo kung saan man umabot ang galit ko."

Nakangiti siyang bumuntong-hininga. Matagal bago nagsalita. Nag-isip pa muna siya nang malalim na para bang binabalikan ang mga dahilan bago nangyari ang lahat.

"Galing sa Pagsanjan, Laguna sina Eerah Anitha at iba pa nang oras na 'yon. May binili silang property doon na planong patayuan ng hotel nina mommy at Chairman Rewis."

Deretsong-deretso ang pagkakatitig sa 'kin ni Lovemir habang nagkukwento. Hindi ko naman magawang bitiwan ang mga tingin niya dahil sa interes kong malaman ang lahat. Pero hindi ko alam kung hanggang kailan ako tatagal. Iyon pa lang ang nalalaman ko ay nagpupuyos na sa galit sa ang dibdib ko.

"Mula sa America ay umuwi ako dito, ginawa kong dahilan ang aking ina para masundan ko si Eerah Anitha. Pagkalapag palang ng eroplano ko ay nagtungo na ako kung saan sila naroon. Pinanood ko silang makipagnegosasyos hanggang sa bumiyahe sila pabalik kung saan sila tumutuloy dito sa Pilipinas."

Napayuko ako at sunod-sunod na umiling. Napabuntong-hininga ako sa kawalan ng pasensya. Hindi ko nakukuha ang mga gusto kong sagot sa mga pinagsasasabi niya.

"Huminto sila sa mini mart kung saan nangyari ang pagsabog. Doon ay nakita nila ako nang hindi nila inaasahan. Sinalubong ako nang magandang ngiti ni mommy. Nakatanggap naman agad ako ng sapak mula kay Chairman Rewis. Galit ang lahat sa 'kin maliban kay Doña Felicidad. Nagalit ang lahat nang magkaro'n kami ng relasyon ni Eerah Anitha."

"Alam ko na ang tungkol diyan, at hindi niyan nasasagot ang mga tanong ko, Lovemir," nauubusan ng pasensyang sabi ko.

Napahalakhak siya sa dilim. **"Nagkaro'n kami ng engkwentro ng gabing 'yon, silang lahat laban sa 'kin. At nahinto lang kami nang may magpaulan ng bala sa gawi namin, sa mini mart mismo. Isa sa mga tinamaan ng bala ay ang mommy ko."**

"Stop," sabi ko nang akma siyang magpapatuloy. **"Nabibilang ba sa pamilya ko o ng mga Enrile ang nagpaulan ng bala?"**

"Wala."

"May kinalaman sa Echavez?"

"Wala rin."

Minura ko siya ng deretso. **"Mga gago pala kayo, bakit kami ang ginantihan ninyo?"**

Hindi niya nagawang sumagot agad, nakita ko ang pagtitiim ng mga bagang niya. Gustong-gusto ko nang tumayo at daklutin ang kwelyo niya. Gusto kong dukutin ang sugat niya at mula ro'n ay pigain ang puso niya hanggang huminto siya sa paghinga. Lahat ng brutal na paraan ay naiisip ko dahil sa galit.

"Dinala sa ospital ang mommy, sa ospital na pag-aari ng mga Enrile," patuloy niya, unti-unting pinatutunayan ang mga nalaman ko kay Heurt. **"Dahil marami ang nadamay sa pamamaril at pagsabog, hindi lang kami ang pasyente. Sa dami ng bilang ng sugatan ay kulang na**

kulang ang trabahante ng ospital. Isa sa mga hindi natulungan ay ang mommy ko."

"May kinalaman ba sa pamilya ko ang dahilan kung bakit hindi natulungan ang mommy mo?"

"Hindi."

"Gago," mariing sabi ko.

Napangisi siya uli saka umiling. **"Pero nang sandaling iyon ay manganganak din ang kapatid ng boyfriend mo. Enrile si Dein Leigh at Echavez naman si Randall. Nakiusap ako sa doktor na unahin ang mommy ko. Nakiusap ako, Maxpein. Nakiusap ako."** Mababasa ang pagtitimpi nang galit sa mga mata niya. **"Pero pinili pa rin nilang unahin ang manganganak dahil apo ito ng may ari ng ospital."**

Hindi na ako nagulat. **"Nasa'n diyan ang dahilan kung bakit ang lolo ko ang namatay?"**

"Wala sa plano naming paghigantihan maski isa sa mga Moon. Pero dahil sa pagharang ninyo sa mga plano namin, nagbago ang lahat at nauwi sa ganito."

Tumayo ako at muli siyang dinuro, sunod-sunod na mura ang inabot niya sa 'kin. Gusto ko siyang lapitan, pagsusuntukin hanggang sa mamatay. Pero may kung anong pumipigil sa 'kin at lalo niyong binubuhay ang galit ko.

"Alam mo ba kung gaano kababaw 'yang mga dahilang sinabi mo?" gigil kong tanong. **"Napakababaw na kahit anong panlulunod ang gawin ko sa 'yo ay hindi ka mamamatay, Lovemir."**

Tiim-bagang siyang nag-angat ng tingin sa 'kin. **"I tried to stop them, Maxpein."** Ang tinig niya ay tila nagsasabing hindi ko siya kailangang paniwalaan dahil iyon ay katotohanan. **"I tried damn hard to stop them. Lalo na nang malaman ko na ang dahilan ng barilan nang gabing iyon ay dahil sa droga. Sa drogang bitbit ng isa sa mga customer na nakasabay namin sa mini mart."**

"Ano?" gigil na gilalas ko.

"Aksidente ang nangyari."

"Aksidente, pero kami ang binalikan ninyo para maghiganti? Mga bobo!"

Sumama ang mukha niya. **"Ipinaliwanag ko ang lahat sa kanila. Sinabi kong aksidente ang lahat at walang ibang dapat na sisihin kundi ang sindikato na iyon na nagpaulan ng bala. Pero sarado ang isip ng**

mga Rewis, Maxpein. Sa isip nila ay mabubuhay ang mommy kung pinagbigyan siya ng doktor na iyon na nasa ospital."

"Napakababaw pa rin niyan, Lovemir!"

Hindi niya pinansin ang sinabi ko. Sumama ang tingin niya sa kung saan na para bang may inaaalalang masakit at bumubuhay sa kaniyang galit. Maging ang pangunguyom ng mga palad niya ay nakita ko.

"Isa pang ikinasama ng loob ni Chairman Rewis ay iyong kami ang binalikan ng lider ng sindikato. Ipinagpipilitan nilang kami ang may kagagawan ng pagsabog. Ang droga at mga pera niyang naabo dahil sa pagsabog ay pilit niyang sinisingil sa amin. Sa takot ni Chairman Rewis na mapatay ng lider ay inako niya ang pagbabayad."

Napangisi ako. **"Walang kakwenta-kwenta ang mga dahilan ninyo, Lovemir. Naabo rin yata ng pagsabog ang utak ninyo at nawala ang kakayahan ninyong mag-isip."**

Sandali siyang natahimik, nakatingin sa kawalan na para bang may inaalala. **"Pero sa t'wing makikita ko ang batang iyon na nabuhay matapos mamatay ng mommy ko, hindi ko mapigilang magalit. Siya na lang ang meron ako,"** patuloy niya. **"Sa t'wing makikita ko si Chairman Enrile, gustong-gusto ko siyang bariling nang deretso sa ulo at panoorin siyang bumulagta sa harap ko. Gusto ko pa ring ipaghiganti ang mommy ko sa kabila ng nalaman ko, Maxpein."**

"Hindi ko maintindihan."

"Si Chairman Enrile ang pakay naming paghigantihan. Ang lahat ay napendejo nang dumating kayo. Wala kayo sa plano, napasali lang kayo."

"Kasalanan pa namin kung gano'n?"

"Naiintindihan ko ang presensya ninyo, malapit sa inyo ang mga Enrile at Echavez. Hindi na kataka-takang tumulong kayo sa kanila. Pero ang mga Rewis ay nakita kayo bilang banta sa plano nila."

"Kung gano'n ay bakit nga ang lolo ko ang tumanggap ng paghihiganti ninyo!" Hindi ko na napigilan ang sarili kong lapitan siya at dakmain sa leeg dahilan upang sapilitan siyang mapatayo.

"Dahil iyon ang hiniling niya bilang kapalit sa buhay ng kapatid mo at ng dalawang bata!" pasinghal niyang sagot na siyang nakapagpahinto sa 'kin.

Gulat ko siyang pinakatitigan, ang galit ay naro'n pa rin sa 'kin. Ilang beses kong inulit sa isip ko ang sinabi niya. Ngunit para 'yong mga

matatalim na bagay na ipinupukol sa dibdib ko.

Sobrang sakit.

"Kinuha nila si Maxrill, nasaksihan iyon ng lolo mo. Kasama sa plano ang kapatid mo, Maxpein."

"Ano?"

"Oo, Maxpein. Kasama si Maxrill sa plano. Iyon ay upang pahirapan kang mamili at iligtas silang isa-isa."

Sunod-sunod na iling ang nagawa ko. **"Napakasasama ninyo!"**

"Bumuo ako ng plano, sarili kong plano. Iyon ay para maialis ang pamilya mo sa paghihiganting ito. Sa huli ay ako rin ang nagsisi. Dahil ang planong sinabi nila sa 'kin ay taliwas sa mga ikinilos nila. Sa huli ay naiwan ako at sila ang nagwagi. Alam nilang tatalikod ako sa mga balak nila, kaya ang mga planong inilatag nila sa 'kin ay pawang gawa-gawa lang."

Pinaglaruan ninyo kami. Laro na kung saan nandaya kayo para manalo.

"Nakiusap si Chairman Moon kay Chairman Rewis. Buong akala niya ay nagkasundo na sila pero ang lahat ng salitang natanggap niya mula sa aking ama ay pawang mga kasinungalingan lang."

Tumulo ang mga luha ko nang hindi ko namamalayan. Ang mga sinabi niya ay tila pasabog na sa isip at dibdib ko.

"Dahil sadyang mapanlinlang si Chairman Rewis, Maxpein," galit na rin niyang dagdag. **"Imbes na igawad ang kahilingan ni Chairman Moon na hayaan ang mga bata kapalit ng kahit na anong hingin ng aking ama, ay nilinlang niya ang lolo mo. Ikinulong siya ni Chairman Rewis sa sasakyan at pinalibutan ng bomba sa katawan."**

"At alam mo?"

"Oo, pero huli na." Mababasa ang pagpapakatotoo sa mga mata at tono ng pananalita niya. Ngunit alinman sa mga iyon ay hindi ko magawang paniwalaan ngayon. Masyado akong binubulag at binibingi ng galit.

"Bakit hindi mo man lang sinabi?" luhaan kong tanong, ang galit ay naro'n pa rin.

"Dahil huli na ang lahat, Maxpein. Hindi ko alam kung saan sila hahanapin. Si Taylor ang nagsabi nang lahat sa akin. Ang telepono mo ay hindi ko matawagan! Ako na mismo ang pumunta, kahit hindi kita kasama. Sumubok akong pigilan ang lahat pero nang datnan ko kayo ay huli na. Huli na ang lahat."

Sunod-sunod ang pag-iling ko. Hindi ko mapaniwalaang sa ganitong uri ng dahilan nangyari ang lahat. Masyadong mababaw at lalong hindi ko matanggap. Walang kwenta ang mga dahilan.

Masakit na sa gano'n lang humantong ang buhay ng Chairman.

"Kung nalaman ko lang nang maaga kung nasaan sila ay baka naagapan ko pa," emosyonal na patuloy ni Lovemir. **"Hindi ko hinihiling na paniwalaan mo ako dahil kontento na akong sa puso ko ay alam ko ang totoo, Maxpein."**

Nabitiwan ko siya at mabilis akong napatalikod. Hindi ko na mapigilan ang mga luha ko. Nasasaktan ako nang sobra para sa lolo ko. Sila ang sinisisi ko, paulit-ulit, sa isip ko. Gusto kong maghiganti pero hindi sapat ngayon ang lakas ko. Pinanghihina ako ng lungkot at sakit na aking nadarama para kay Chairman.

"Kailan ka nagsimulang pumasok sa buhay namin?" tanong ko.

"Wala ka sa plano. Pinasok ko ang buhay ng nobyo nang gabing iyon ng graduation ball nila. Nagpadala ako ng mga linyang makapagpapalito sa kaniya. Nalaman ko kasing brokenhearted siya dahil iniwan siya ng babaeng mahal niya. Huli na nang malaman kong ikaw 'yon."

Natatandaan ko ang tinutukoy niya. **"Napakahusay mo."**

Gusto kong magulat pero hindi ko na magawa. Sa ilang beses kong nakasama si Lovemir ay kapansin-pansin ang pagiging emosyonal niya. Napakagaling nyang gumawa ng linya na may malalalim na ibig sabihin. Sobrang lalim na nakakalunod sa paghanga at galing.

Pero ni minsan, sa dami nang narinig kong linya mula sa kaniya, ay hindi ko naisip na sa kaniya magmumula ang mga linyang narinig ni Sensui nang gabing iyon ng Graduation Ball.

"Lahat ay planado, Maxpein."

Hindi ko na nagawang magsalita. Ang mga nalaman ko ay tila bato na dumagan sa buo kong pagkatao. Napakabigat.

Sandali kaming natahimik, parehong walang kibo. Ninamnam namin ang sandali nang parehong galit at malayo ang isip.

Siya ang tuminag sa katahimikan mayamaya, **"Kung ang paghihiganti ang makapagpapatahimik sa 'yo, handa akong tanggapin anuman ang gawin mo. Sa ngayon ay mag-iingat na lang muna ako."**

"Yes, you should be," tumango ako saka tuluyang humarap uli sa kaniya. Wala nang mga luha at galit na ang mababasa sa mukha. **"You**

should be very careful," mariing-mariin kong sabi. **"Because from now on your life will be in danger."**

"Wala nang mangyayari kahit patayin mo ako ngayon, Maxpein." Malungkot ang mga mata niya bagaman nakatiim ang kaniyang bagang sa galit. **"Handa na akong mamatay. Wala nang silbi ang aking buhay."**

"Kung gano'n ay hayaan mong patayin kita nang unti-unti sa sarili kong paraan, Lovemir. Panoorin mo akong kitilan ng buhay ang mga mahal mong tao, lalo na ang asawa mo."

Ngumisi siya nang mapait. **"Wala na ring saysay kung iyon man ang mangyari."** Matagal siyang tumitig sa 'kin bago nagpatuloy, **"Dahil ikaw na ang mahal ko, Maxpein."**

Natigilan ako ngunit hindi ko iyon ipinakita. Tumitig siya sa 'kin nang may ngiti na may halong pait. Bigla ay naramdaman ko ang malamig na hangin sa pagitan namin.

"Iyon na nga siguro ang pinakamatinding karma sa mundo. Ang masaktan dahil hindi ako kayang mahalin ng taong mahal ko, at masaktan ko siya sa paraang hindi ko ginusto. Na kahit alisin ko ang sakit ay hindi ko magawa dahil sa tindi ng galit na idinulot ko sa kaniyang puso," mahabang dagdag niya.

Matagal bago ko nagawang intindihin ang lahat ng sinabi niya. Tinatakpan ng galit at poot ang kakayahan kong intindihin ang mga salitang kaniyang binibitawan.

Ngumiti ako nang sarkastiko ngunit may galit sa mga mata. **"Siguro nga ay 'yan na ang karma mo, Lovemir. Namnamin mo ang sakit kung gano'n."**

Nakita kong mawala ang lahat ng emosyon sa mukha niya hanggang sa mangibabaw ang lungkot. **"Maxpein..."**

"Dahil hindi ko kayang magmahal ng halimaw na gaya mo, Lovemir. Lalo na't nagmula ka sa pamilyang inampon ng mga demonyo." Agad kong nilisan ang lugar na 'yon matapos sabihin 'yon. Wala nang paglagyan ang panibagong emosyon sa dibdib ko. Anumang oras pakiramdam ko ay sasabog ako.

LOVEMIR'S POV

~ FLASHBACK ~

"LOVEMIR, mabuti at dumating ka. Akala ko ay hindi ka na makararating." Hindi ko inaasahang sasalubungin ako ni Eerah pagkababa ko pa lang ng sasakyan. Napatitig ako sa kakaibang sigla at saya na

mababasa sa kabuuan ng mukha niya at saka ako nag-iwas ng tingin. Isinara ko ang kotse ko 'tsaka muling humarap sa kaniya.

"Ipinatawag ako dito, hindi ba? Kaya ako dumating, Eerah," malamig kong tugon.

"Nag-breakfast ka na ba?"

"Tapos na."

"Kumusta ang mga sugat mo?" aniya na nagmadaling sumunod sa mabilis na paglalakad ko papasok sa abandonadong gusaling iyon.

Napabuntong-hininga ako. **"Magaling na."**

"Patingin?" bahagya siyang tumiyad, nahirapan siya dahil hindi ako huminto sa paglalakad. **"Ipinagamot mo ba ang mga iyan?"**

"Hinayaan ko lang na gumaling."

"Sana ay ipinatingin mo, baka maimpeksyon ka?"

"Galos lang naman ang mga iyon, hindi ko na kailangan ng doktor. Nasaan sila?" patungkol ko sa mga kasamahan namin.

"Hindi pa rin magaling itong labi at kilay mo, Lovemir." Nagtaas siya ng tinig, nag-aalala. **"Kailangan na yatang ipatahi niyan."**

Hinuli ko ang kamay niya nang akma niyang hahawakan ang mukha ko. Sabay kaming nahinto sa paglalakad. Gulat siyang napatitig sa akin habang ako naman ay blangko ang tingin sa kaniya.

"I'm sorry. Nag-aalala lang ako dahil baka hindi ka makakilos nang ayos sa ganiyang lagay mo." Halos mautal siya sa pagsasalita dahil sa pagkapahiya.

"You don't really have to worry, Eerah. I am fine," walang emosyon kong sabi.

"Okay." Tiningnan niya lang ako at saka naunang maglakad. Sumunod ako sa kaniya at saka kami tahimik na nagtungo sa kwarto ni Chairman Rewis.

"Mabuti naman at nakarating ka nang maaga?" pasinghal na sabi ni Cargosin matapos akong makita. Hindi ko na siya sinagot pa sapagkat wala namang nakikitang tama sa akin ang ni isa sa kanila. Lahat ng kilos ko ay binabantayan nila pero sa huli ay parati pa rin akong mali sa kanilang paningin. Walang saysay ang pagpapaliwanag sa mga sarado nilang utak.

Nakaupo sa kaniyang silya sa harap ng mesa si Chairman Rewis. Sina Cargosin at Eerah ay magkatabi sa pandalawang sofa sa kaliwang harap ng mesa ng Chairman. Sina Taylor at Christian naman ang nasa pandalawang

sofa na nasa kanan. Sa gitnang harapan ay naroon ang mga nakatayong tauhan namin na pinangungunahan ni Mark na siya namang tinabihan ko.

"Ngayon ang graduation nina Maxwell Laurent del Valle Moon at Randall Echavez," panimula ni Taylor habang iginagala ang paningin sa lahat. **"Sa cultural center gaganapin iyon."**

"Magkasabay?" agad na tanong ni Cargosin. **"Magkaibang school ang dalawang iyon, SIS at BIS."**

"Alam ko." Ngumisi si Taylor. **"Pero maswerte tayo, Cargosin. Dahil sa unang pagkakataon ay gaganapin nang sabay ang seremonyas ng dalawang paaralang iyon sa iisang lugar."** Nagkibit-balikat pa siya. **"Marahil ay dahil nag-iingat na sila sa atin,"** at saka humalakhak.

"Magandang balita iyan, hindi tayo mahihirapan," ani Chairman Rewis.

"Syempre, sa okasyong iyon ay naroon ang pamilyang Echavez, Enrile at ang mga Moon." Nagmamalaki ang tinig ni Taylor, animong sabik na sabik maghasik ng kasamaan. **"Hindi ba't napakagandang pagkakataon nito? Magsasama-sama ang mga iyon sa iisang lugar. Marami sila, oo. Kailangan nating mag-ingat dahil hindi malabong makita nila tayo dahil nga marami sila. Pero ang magandang dulot ng malaking bilang nila..."** Binitin pa ni Taylor ang sasabihin, tuloy ay napatitig sa kaniya ang lahat. **"Hindi magiging madali para sa babaeng Moon na sagipin ang lahat. Mahihirapan siyang bantayan ang lahat ng iyon."**

"At dahil sa okasyon ay posibleng matuon ang atensyon niya sa seremonyas. Lalo na sa kaniyang kapatid," dagdag ni Christian.

"Pero maraming tao sa seremonyas na iyon. Hindi lang mga estudyante kundi maging ang pamilya ng mga ito." Hindi ko napigilang manahimik na lang. **"Kung doon tayo susugod ay maraming madadamay na inosenteng tao."**

"Ganoon din naman ang nangyari sa pagsabog at pamamaril, hindi ba?" ani Chairman Rewis. **"Doon namatay ang aking esposa, Lovemir, nakalimutan mo na ba? Sa ganoong paraan namatay ang kinikilala mong ina!"** Nagtangis ang mga bagang niya, animong nag-aapoy ang mga mata sa sobrang sama nang pagkakatitig sa akin. **"Hindi ba't isa rin siyang inosente sa nangyaring pamamaril? Paano mong naiisip ang iba samantalang ang aking asawa na nagmalasakit sa iyo, pinalamon ka at pinagmukhang tao, ay nagagawa mong bale-walain?"**

"Dad," tumayo si Eerah para pigilan siya. Nagbaba na lang ako ng tingin para hindi na humaba pa ang usapan.

"Kahit kailan ay hindi ka na magtitinong, animal ka. Wala kang silbi, wala kang kuwenta, Lovemir!" singhal ng Chairman sa akin.

"Pwede bang manahimik ka na lang at sumunod sa plano?" singhal din sa akin ni Cargosin. Napabuntong-hininga na lang ako nang marinig ko ang mga pabulong nilang pangmumura sa akin. **"Iyong mga inosenteng tao ba talaga ang iniisip mo o si Maxpein?"**

"Cargosin, tama na, okay? 'Wag mo nang palakihin. God! Ang Maxpein na 'yon ay walang kinalaman kay Lovemir," pigil ni Eerah kay Cargosin. **"Bumalik na tayo sa plano, Taylor."**

Ngingisi-ngisi akong inilingan ni Taylor bago nagpatuloy sa pagsasalita, **"Pwede rin naman nating pagbigyan ang sinasabi ni Lovemir. Hindi nga naman magandang may madamay na ibang tao, hindi natin ugali iyon. Hindi tayo kasinsama ni Chairman Enrile para pumatay nang ganoong karaming inosenteng tao. Hindi por que naghihiganti tayo ay gagaya na tayo sa kaniya,"** mahabang aniya habang tatawa-tawa. **"Syempre, nagtapos na sa kolehiyo ang dalawa. Hindi malabong magkaroon sila ng salo-salo. Para makaiwas sa daan-daang inosenteng tao, salakayin na lang natin sila kung saan sila-sila na lang ang magkakasama."**

"Lintik!" angil ni Cargosin. **"Bakit mo babaguhin ang plano dahil sa sinabi ng bastardong iyan?"** dinuro niya ako. **"Paano kung maghiwa-hiwalay ang mga iyon matapos ang seremonyas? Tayo ang mahihirapan!"**

"Eh, di maghiwalay!" tumawa nang tumawa si Taylor. **"Hindi pa rin naman masisira ang plano natin magkasama-sama man sila o hindi, Cargosin. Ni wala nga sa plano natin na magkakasama-sama sa iisang seremonyas ang mga iyon, kung hindi ko lamang nalaman kahapon."**

"*Mierda*! Kami ba ay pinagloloko mo, Taylor?" akma nang susugod si Cargosin. Napailing na lang ako nang palihim. **"Hindi ko na malaman kung alin ang susundin sa iyo!"**

"Maghunus-dili ka nga, Cargosin, napapaano ka ba?" angil ni Chairman.

"Paano'y hindi ko maintindihan ang bastardong anak ninyong iyan! Dahil sa kaniya ay nagbabago ang animal na plano!" dinuro akong muli

ni Cargosin. **"Sa kanila ka ba o sa amin? Sino ba talaga ang kakampi mo, Lovemir?"**

"Bakit kailangan mo pa akong tanungin kung traydor naman ang tingin mo sa akin, Cargosin?" tugon ko.

"*Cálmate*! *Cálmate*! *Cálmate*!" pigil ni Eerah sa aming lahat. **"Ano ba?"** nilingon niya kaming lahat. **"Kung tayo ay hindi magkakasundo, paano tayong magtatagumpay rito? Jesus!"** naisabunot niya ang parehong kamay sa buhok. **"Christian, Taylor, Cargosin, kayo ang bahala sa mga Moon. Kaming dalawa ni Lovemir ang bahala sa Echavez at Enrile,"** pautos niyang sabi na animong nagmamadali.

Nakangising hinarap ni Cargosin si Eerah. **"Talagang kayong dalawa pa ang magkasama? At dalawa ring pamilya ang hahawakan ninyo, ah? Nagpapatawa ka ba, Eerah?"** Pasinghal niya nang itinanong ang huling linya.

Namaywang si Eerah. **"Kaya tatlo kayo sa mga Moon dahil nasisiguro kong hindi ninyo kakayaning lumakad kung kayong dalawa lang ni Christian. Si Lovemir ang bahala sa kapatid ni Randall Echavez, ako naman ang bahala sa anak niya. May tanong ka pa?"**

"Iyong bunsong Moon lang naman ang kailangan namin, bakit tatlo pa kaming magsasama?" reklamo niya.

What the hell? Si Maxrill? Gusto ko agad magprotesta. *Pero hindi pwede. Kailangan kong makagawa ng paraan.*

"Dahil hindi madaling lusutan ang mga Moon, Cargosin, common sense," mataray ang nang-iinsultong tinig ni Eerah.

"At ang mga Echavez ay madali? Paano ka nakasisigurong hindi kayo mahuhuli ni Randall o ng kaniyang asawa?"

"Sin, may sandali na bang pumalpak kami ni Lovemir?" Nagmamalaki ang halakhak ni Eerah. **"Ni hindi man lang nga nila kami pinagbintangan nang salisihan namin sila sa Batanes. Nagawa namin silang takutin nang hindi kami nahuhuli. Wala silang ideya sa mga naging hakbang namin, Cargosin."**

"Sina Rhumzell at RD ang inyong kukunin," itinuro ni Cargosin ang litrato ng dalawa na nakatarak sa cork board. **"Ang sa amin ay si Maxrill lang."** Muli niyang itinuro ang larawan ng batang Moon na noon ay may hawak pang lollipop. Nakaka-distract ang picture niya kompara sa lahat ng naroon. **"Baka nga kay Taylor lang ay sumama na agad iyon nang walang kahirap-hirap? Hindi kaya mas maganda kung sa inyo na lang**

ako sumama?" Bigla ay nag-iba ang kaninang galit na tono niya. Naging malumanay iyon, animong nagbibigay nang magandang suhestiyon. **"Lalo na at tuluyan na akong nawalan ng tiwala sa Lovemir na iyan."** Ako naman ang napagdiskitahan niyang duruin.

Napabuntong-hininga si Eerah. **"Kung magsasama tayong tatlo ay hindi malabong tayo pa ang matiklo. Ni hindi nga kayo magkasundo, paano ka nakasisigurong magtatagumpay tayo? Hindi na, Cargosin. Lovemir and I can do it. Ako ang bahala sa baby, besides, hindi naman makakahingi ng tulong iyon. And I'm sure na hindi mahihirapan si Lovemir kay Rhumzell. Hindi magiging madali ang pagdukot kay Maxrill, hindi imposibleng magtanong nang magtanong iyon bago sumama sa inyo. Baka nga magpumilit pa iyong magpaalam sa mommy niya. Psh."**

"May punto si Eerah, Sin," sabat ni Taylor. **"Si Maxrill ay hindi naiiwang mag-isa, parati siyang may kasama. Kung hindi si Director Mokz ay ang kaniyang ina o si Chairman Moon. Ang mga iyan ang madalas niyang makasama. Si Director Mokz ang isa sa mga nag-train kay Maxpein, hindi na natin kailangang kuwestiyonin ang abilidad niya sa pakikipaglaban."**

"Kung ganoon ay kailangan nating tiyempuhan si Maxrill na ang kasama ay si Maze Moon o kung hindi naman ay si Chairman Moon?" tanong ni Christian.

Tumango si Taylor na itinuro pa siya. **"Tumpak. At kailangang kapag ginawa natin iyon ay may kasiguraduhan na malayo sa paningin nina Maxpein at Huert ang target."**

"Hindi kailangan sa seremonyas ang presensya ni Heurt," ani Eerah. **"There's a big chance na hindi siya pumunta ro'n. But if they're going to celebrate after the ceremony, then, I'm sure she'll be there including her family."**

"Sigurado ring maraming pupunta sa salo-salo," dagdag ni Taylor. **"Paniguradong imbitado ang malalapit na kaibigan ng pamilya nila kaya magiging abala ang lahat sa pag-aasikaso. Hindi nila mababantayan ang lahat."**

"Paano si Maxpein?" tanong ni Cargosin. **"Ano ang maaari nating gawin sa kaniya para mawala siya nang panandalian sa eksena?"**

Ngumisi si Taylor. **"Wala tayong kayang gawin sa kaniya, Sin. Sa pagkakataong ito, kailangan nating umasa sa kung anong meron sa**

salo-salo. Kailangan nating makagawa ng paraan para mawala ang atensyon niya sa mga taong mahalaga sa kaniya."

"Bakit kailangang madamay ng mga Moon?" Hindi na ako nakatiis na manahimik. Nalilito ako. *Bakit kailangang madamay ang mga Moon?* **"Ang mga Enrile ang pakay natin, bakit kailangan nating mandamay ng iba? Ang mga Moon, humadlang man sila ay wala sa usapang kasama sila sa paghihiganti."**

"Bobo!" singhal ni Cargosin. **"Napakabobo mo, Lovemir! Hindi ko malaman kung nagtatanga-tangahan ka lang o tanga kang talaga!"**

Nagtiim ang bagang ko. **"Gusto mong makapaghiganti, 'di ba? Mas magiging madali para sa ating maghiganti kung hindi natin idadamay ang mga Moon. Mas kaunti, mas madali. Dahil oras na mapasama ang mga Moon sa sitwasyon, lalo tayong mahihirapan."**

"At sa tingin mo ay mananahimik na lamang sila kapag dinali natin ang mga Echavez at Enrile? Bobo!"

"Pero lalo silang magliliyab sa galit kung pati ang myembro ng pamilya nila ay gagalawin natin--lalo na at kapatid iyon ni Maxpein! Hindi mo nakukuha ang punto ko, Cargosin." Naiinis na rin ako. **"Bakit kailangang si Maxrill pa kung pwede namang si Deib Lohr na lang?"**

Naihilamos ni Cargosin ang parehong palad sa mukha sa sobrang galit sa akin. Dinuro niya ako. **"Pwedeng huwag ka na lang makialam, Lovemir? Bobo ka! Sandali nga!"** Humarap siya sa 'kin, pinipigilan niya rin ang sariling makalapit dahil baka magpambuno kami. **"May gusto ka ba kay Maxpein?"**

"Tch." Nag-iwas ako ng tingin. **"Ano ang kinalaman niyan dito?"**

"Sagutin mo ang tanong ko, bastardo!"

"Wala ka sa sarili mo, Cargosin."

"*Tu amigo es bastante grosero,* Taylor. Ilayo mo sa akin ang Lovemir na iyan at baka mauna ko pa iyang mapatay," nauubusan ng pasensyang banta ni Cargosin.

"Oh." Umulong si Taylor. **"*Es un día caluroso y húmedo*!"** aniya na nagpapaypay sa sarili at saka tumawa.

"*Basta ya!*" singhal ni Chairman Rewis, napayuko kaming pare-pareho. **"Paulit-ulit na lang ang pagtatalo ninyo, mga bastardo!"** Sabay-sabay silang nagsipaghingian ng paumanhin dahil sa galit nito. **"Isang malaking balakid ang Maxpein na iyon! Para hindi kayo mahirapan ay iyon na muna ang una ninyong tapusin, mga inutil!"**

"Kung ganoon lamang sanang kadali, Chairman Rewis," malumanay ang tinig ni Taylor.

"Ang makaharap lamang kami ay isang laban na para sa kaniya, Chairman," sang-ayon ni Christian. **"Mahihirapan kaming gawin iyan kung ganitong hindi sapat ang kakayahan namin para lumaban sa kaniya."**

"Hindi por que mas mahusay siya ay hindi na siya namamatay, Christian!" pabagsak na ipinatong ng Chairman ang kamay sa mesa nang tumayo. Galit na galit na siya sa amin.

"*Pacencia, El Señor,*" tumango pa si Christian. **"Naiisip ko pa lamang kung gaano kahirap para sa aming lumapit sa kaniya ay naguguluhan na ako sa dapat gawin. Pero huwag kayong mag-alala, Chairman, gagawin namin ang lahat."**

"Kung gano'n ay ako na ang bahala kay Maxpein sa pamilya niya," sabi ko. Sa isip ko ay may nabuo na akong plano. *Sasabihin ko sa kaniya ang lahat bago mangyari ang mga ito.* Nilingon ako ng lahat nang may gulat na tingin. Napabuntong-hininga na lang ako.

"Bakit ikaw, Lovemir?" bakas ang pag-aalala sa tinig ni Eerah. Tiningnan ko lang siya. **"Bakit kailangang ikaw?"**

"Dahil alam kong lalapit siya sa akin. At hindi magiging mahirap para sa akin na lumapit sa kaniya."

"No! Paano kung may gawin siya sa 'yo?"

"Wala siyang gagawin sa 'kin."

"How can you be so sure, Lovemir?"

"Magtiwala ka na lang sa 'kin, Eerah."

"Pero--"

"Bakit ba alalang-alala ka?" bulalas ni Cargosin. **"Hindi siya papatayin ni Maxpein, okay?"**

"Paano kung umabot sa ganoon, Cargosin? Hindi mo masasabi kung ano ang magagawa ng babaeng iyon ngayong idadamay natin ang myembro ng kaniyang pamilya!"

Napaismid ako sa sinabi niya 'tsaka ako napailing. *Alam pala nila kung ano ang posibleng mangyari kapag naisakatuparan ang planong ito, bakit gusto pa rin nilang ituloy? Sila ang sumisira sa plano. Si Chairman Enrile ang aming pakay pero napakarami nang nadadamay.*

"Wala ka talagang tiwala kay Lovemir, ano? Dahil kung may tiwala ka sa kaniya ay hahayaan mo na lamang siya nang walang pag-aalala,"

nakangising ani Cargosin na nilingon kaming pareho. **"'Sabagay, pareho tayo."**

"Hindi gano'n ang ibig kong sabihin, Cargosin!" inis na singhal ni Eerah.

"*Basta ya,*" napapabuntong-hiningang pagpapatigil ko sa kanila. **"Baka wala lalo tayong magawa nito kung dito pa lang ay nagtatalo na tayong lahat."**

"Bueno," pinagsalikop ng Chairman ang mga kamay. **"Gawin na ninyo iyan sa lalong madaling panahon. Ngayon ninyo patunayan sa akin na karapat-dapat kayo sa pamilyang ito, at gagawin ninyo ang lahat para sa amin."** Tumingin siya sa kaniyang relo. **"Lumakad na kayo. Pumuwesto na kayo bago pumutok ang araw. Bago magdilim ay kailangang nakabalik na kayo kasama sina Rhumzell at RD Echavez, ganoon na rin si Maxrill Moon."** Ngingisi-ngisi iyong sinabi ni Chairman Rewis habang nakatingin sa larawan ng mga ito.

Tahimik kaming lumabas mula sa kwarto ng Chairman. Sa isip ko ay iniisa-isa ko na ang aking mga gagawin habang ang mga kasamahan ko sa aking likuran ay pinag-uusapan ang mga iyon.

"Gusto mo ang babaeng Moon?" bulong ni Taylor, sumabay siya sa akin sa paglalakad palabas ng gusali. Kunot-noo ko siyang nilingon. **"Sana ay nagkakamali ako, Lovemir. Hindi iyan makakatulong sa mga plano natin."**

TAHIMIK KONG ipinarada ang kotse ko sa harap ng bahay ni Randall Echavez. Sinadya kong doon pumuwesto sa gawing madilim at hindi agad makikita ng kahit na sino. Maliwanag sa buong bahay, nangingibabaw ang modern pop song na pinatutugtog marahil ng kaniyang asawa.

Bubuksan ko na sana ang pinto ng kotse ko nang matanaw ko ang paparating na sasakyan. Tiningnan ko iyon mula sa side mirror. Bumaba mula ro'n ang isang babae na may bitbit na malaking bag. Bagaman malayo ay nakita ko kung gaano kaganda ito, disenteng tingnan sa pormal nitong suot. Tinanaw ko siyang lumapit sa gate ng mga Echavez at mayamaya lang ay nakita ko na si Dein Leigh na sinasalubong ang bagong dating.

Pinanood ko silang pumasok sa loob. Ilang saglit akong nagmasid at nakiramdam kung ano ang meron sa bagong dating 'tsaka ako kumuha ng tyempo papasok. Sa likod ako dumaan, maingat at tahimik. Hindi nalalayo ang bahay na iyon sa bahay ko kaya saulo ko na ang pasikot-sikot. Hindi na ako nahirapang tuntunin ang dapat kong pasukin.

Sa sala nagmumula ang tugtog, nakatulong sa 'kin 'yon para kung sakaling makagawa ako ng ingay ay ako lang ang makaririnig. Prente lang akong nagpalakad-lakad sa loob, mukhang iilan lang ang tao at abala pang pare-pareho. Nagpunta ako sa kusina, walang tao. Ilang saglit akong nanatili sa dining area bago dumeretso gawi ng bahay kung nasaan ang mga kwarto.

Doon ako nagsimulang maging maingat at alerto. May ilang dipa rin kasi ang haba ng hallway papunta sa mga kwarto. Malayo ang pagitan ng bawat pinto at kahit saan man may lumabas doon ay makikita ako.

Nakaawang ang pinto ng kaliwang kwarto sa dulong bahagi ng pasilyo. Mula sa kinatatayuan ko ay natanawan ko si Dein Leigh na nakaupo sa silya. Nakatayo sa harap niya ang babaeng sinalubong kanina. Parehong masaya at magaganda ang ngiti sa mga labi. Tila abala ang bisita sa pag-aayos sa mukha ni Dein Leigh.

Sa panonood ko ay narinig ko ang pagtawa ng bata. Dahil doon ay nabuhay ang galit sa dibdib ko. Agad kong nilingon ang pinanggalingan ng tinig ng bata. Ngunit dahil sa galit, nawala ang pag-iingat ko. Aksidente kong nadali ang estanteng halos hibla na lang ng buhok ang layo sa aking hita.

"Who's in there?" tinig ni Dein Leigh.

Agad ko siyang nilingon. Nakita ko pa nang aninawin niya ang gawi ko nang may ngiti sa labi. Napanood ko ang pangungunot ng kaniyang noo matapos makita ang paggalaw ko palayo sa liwanag. Bigla siyang tumayo at lumabas upang makita lamang ako.

"Who are you?" inosenteng tanong niya.

Ngunit ang takot ay agad na bumalot sa kaniyang mukha. Mabilis na naglikot sa paligid ang kaniyang mga mata. Nang ibalik niya iyon sa 'kin ay puno na siya ng alinlangan ukol sa aking presensya.

"What are you doing here? Who are you?" gumagaralgal na ang kaniyang tinig.

"Hindi mo na ba ako naaalala?" kaswal kong tanong.

Ngunit bago niya pa magawang sumagot ay agad na akong sumugod.

~ END OF FLASHBACK ~

"Lovemir," natinag ako nang marinig ko ang tinig ni Eerah. Gulat akong nag-angat ng tingin sa kaniya.

"What are you going here?" kunot-noo kong tugon. **"Kaaalis lang ni Maxpein, mabuti at hindi ka niya naabutan."**

"Are you alright?" patakbo siyang lumapit sa 'kin bitbit ang malaking medicine kit.

Umiwas agad ako. **"Ayos lang ako."**

"Lovemir, you're still bleeding."

"I'm okay."

"You're not!" singhal niya saka tumayo upang buksan ang ilaw ng lamp shade.

Agad naman akong tumunghay upang muli iyong ipatay. **"Patayin mo na lang ako kaysa hayaan mo akong mahuli nina Cargosin dito."**

"Nagtatago ka sa kanila, bakit dito ka pa rin pumunta? They are looking for you, Lovemir! They are going to kill you!"

Ngumisi ako. **"Hindi ako natatakot, Eerah."**

"Ano ba ang nangyayari sa iyo?" nangingilid ang mga luhang tanong niya. Hindi ako sumagot at sa halip ay tumitig lang sa kaniya. **"Alam kong hindi ka sang-ayon sa mga plano namin pero bakit...nagkaganito ka bigla?"**

"Ano?"

"Nag-iba ka, Lovemir. Hindi ko maintindihan."

"Kayo ang hindi ko maintindihan, Eerah. Lalo ka na. Kailan ka pa naging ganiyan kasama?" mariing tanong ko. **"Akala ko ay ako na ang pinakamasama pero napaisip ako nang malaman ko ang inyong mga plano."**

"Lovemir, you don't know what you're saying."

"Eerah, binulag ka na ng Chairman na 'yon. Masyado kang nagpadala sa utang-na-loob."

"Ano ba ang sinasabi mo?"

"Hindi mo ba nakikita? Ang lahat ng nangyayari ay sobra na!"

"Lovemir!"

"Eerah, tama na," nakikiusap kong sabi. **"Tumigil ka na. Hanggang saan mo pa balak paabutin ang lahat? Napakarami nang nadamay. Nasaan na ang tama sa ginagawa mo?"**

Hindi ko inaasahan ang pag-iyak niya. **"Wala nang daan palabas sa sitwasyong pinasok ko, Lovemir."**

"No, there's always a way out, Eerah. Kung hihinto ka ngayon ay makalalabas ka pa."

"Pero paano sila?"

"Bakit iisipin mo pa sila? Hayaan mo silang magsama-sama at magpakasama."

"Ganiyan ba ang igaganti mo sa buhay na ibinigay nila sa 'yo, sa atin, Lovemir."

"Eerah," hinawakan ko siya sa magkabilang balikat. **"Hindi ito ang itinuro sa 'tin ng Doña. Hindi niya tayo pinalaki sa ganitong uri ng buhay. Ang buhay na ibinigay nila sa 'tin ay tulong, at hindi utang-na-loob. Ang tulong ay hindi kinakailangan ng kapalit, Eerah. At ang utang-na-loob ay hindi habambuhay na pinagbabayaran."**

"Lovemir," umiling siya nang umiling habang nakakunot ang noo. **"Nahihibang ka na."**

"Ikaw ang nahihibang, Eerah. Dahil nagpapabulag ka sa kasamaan nila."

"Traydor ka, Lovemir." Masama ang tingin ngunit may lungkot na sabi niya sa 'kin.

"Traydor lang ako para sa inyo dahil hindi ako sang-ayon sa masasama ninyong balak. Ayoko na, Eerah." Ipinakita ko sa kaniya ang aking pagkadismaya. **"Kung sa ganitong uri ng buhay nila ako balak na patirahin, mas mabuti pang mamatay na lang ako. Pinaginhawa nila ang buhay ko para lang gawin akong masamang tao."**

"Paano tayong makatatakas dito, Lovemir? Nandiyan pa si Mr. Wood. Hindi natin siya matatakasan."

"Labas na ako diyan," matigas kong sabi.

Natigilan siya at napatitig sa 'kin. **"Hindi ko maintindihan kung paano mong nasasabi ang lahat ng iyan."**

"Hangga't sarado ang puso mo sa paghihiganti, hindi ka talaga makakaintindi. Umalis ka na, Eerah. Baka makita ka nila rito at pag-isipang traydor gaya ko."

Muli siyang tumitig sa 'kin. **"Paano ka?"**

"Kaya ko ang sarili ko."

"Paano kung balikan ka ni Maxpein?"

"Handa na ako."

"Lovemir..."

"Umalis ka na, Eerah," utos ko pero hindi siya natinag. **"Umalis ka na!"** sigaw ko dahilan para matuliro siya at dali-daling mapatayo.

Hindi ko na pinanood pa ang pag-alis niya. Naihilig ko na ang batok ko sa sofa at muling tiniis ang sakit na dumadalot sa bawat ugat ng katawan

ko. Sobrang sakit ng dibdib ko, ang bala ay hindi pa naaalis doon.

Tiniis ko nang tiniis ang sakit. Unti-unti ay nakaramdam ako ng pagkaliyo. Pakiramdam ko rin ay nanunuyo na ang lalamunan ko. Napakalamig ng parteng iyon sa dibdib kong may tama ng bala. Ang dugong umaagos mula sa sugat ay nakadaragdag sa lamig sa bawat balat na madampian.

Kusang nanuot sa alaala ko ang lahat. Mula sa paghihiganti hanggang sa kasalukuyang nangyayari.

Hindi ko alam kung paanong ang galit ay napalitan ng pagmamahal, Maxpein. Kulang na kulang ang araw para pag-aralan kita, kilalanin at kilatisin. Bakit namalayan ko na lang isang araw na hindi ka pala mahirap gustuhin?

SIN'S POV

NAGISING ako sa sunod-sunod na katok mula sa pinto. Dalawang beses pa akong nagpabaling-baling sa makipot na kamang tinutulugan ko pero hindi nahinto ang pagkatok. Nahihirapan man ay inis akong bumangon at iginala ang paningin ko. Wala na sina Christian at Taylor na kasama ko sa kwarto.

Alam naman nilang hindi pa masyadong magaling ang mga sugat ko, bakit nila ako iniwan!

Tiningnan ko ang relos, alas siete palang ng umaga. Patuloy ang pang-aabala ng nangangatok kaya inis ko nang binuksan ang pinto.

Natigilan ako nang makita ang kaharap.

"Magandang umaga," bati ng isa sa apat na pulis. **"Mga pulis kami ng Maynila. Naparito kami para sa ilang katanungan. Ikaw ba si Cargosin Rewis?"**

"Ako nga," natitigilan kong sagot.

"Maaari ka ba naming imbitahan sa presinto? Meron lang kaming ilang katanungan para sa iyo."

Hindi ko nagawang sumagot agad. *Nasa'n ang mga kasama ko?* Agad akong binalot ng kaba, hindi dahil sa takot sa mga ito, kundi para sa kinaroroonan ng mga kasama ko.

"Sir?" tinag sa 'kin ng isa pa sa apat na pulis.

"Sige," aligagang tugon ko, kabado. **"Magbibihis lang ako, kung pwede."**

Sa hindi inaasahan ay sumenyas ang nasa pinakaharapan, kasunod niyon ay dinamba ng tagiliran ang pinto. Sabay-sabay na nagsipagsuguran ang

tatlo para hawakan ako sa magkabilang braso.

"Sandali! Sandali! Sasama ako! Hayaan ninyo lang na mag-ayos ako!" galit kong pakiusap. **"Hindi pa magaling ang mga sugat ko, may tama ako! Hindi tama itong ginagawa ninyo! Nasa'n ang warrant of arrest ko? Hindi ba't nararapat lang na basahan ninyo muna ako--"**

"Sumama ka na lang sa amin," mabilis na ipinulupot sa likuran ng dalawa ang pareho kong braso.

"Hoy!" dinig ko ang sigaw ni Christian mula sa likuran. Kasabay niyon ay kumawala ako sa pagkakahawak ng dalawang pulis.

Gano'n na lang ang pasasalamat ko sa pagdating nina Christian at Taylor. Magkatulong nilang itinumba ang apat na pulis, nagmamadaling inunahan sa pagtutok ng baril ang mga ito.

"*¿Qué hacemos ahora*?" tanong ko.

"*¡Vamanos*!" sagot ni Taylor matapos itumba ang dalawa pang pulis.

Dali-dali naming kinuha ang ilan sa mga importante naming gamit saka kami patakbong lumabas. Nagtungo ako sa kwarto ni Eerah habang iyong dalawa naman ay nagpunta sa kwarto ni Chairman. Kami-kami lang ang magkakasama ngayon, pawang naka-confine sa ospital ang matitino naming tauhan. Ang karamihan naman na siya ring walang pakinabang ay tinalikuran na kami at iniwan. Wala na silang napapalang sahod mula sa amin, hinayaan na lang namin sila. Pare-pareho pa silang nagsasakripisyong masaktan para lang kami maprotektahan.

"Madali kayo!" utos ni Taylor nang makompleto kami, saka kami nagtatakbo pababa fire exit.

Hirap na hirap man ay nakisabay ako sa pagtakbo nila. Kahit pa nararamdaman ko ang pagbuka ng ilan sa mga tahi ko. Nasa 13th floor kami kaya naman isang pagdurusa ang patakbong pagbaba.

"Paano tayong natunton ng mga animal na iyon!" bulalas ng Chairman nang tuluyan kaming makababa. Humahangos kaming naglakad patungo sa parking lot. Panay ang lingon namin sa pinanggalingan sa takot naming masundan.

Mabilis na kumilos si Christian upang maghanap ng sasakyang mabubuksan at magagamit namin sa pagtakas. Hindi nagtagal ay may sasakyan siyang nakita at napaandar. Kinuha niya ang Swiss knife na hindi kailanman nawawala sa kaniyang bulsa, at pinagtatanggal ang plaka ng sasakyan.

"Paniguradong nagsimula na sa pagkilos ang mga Moon," ani Eerah Anitha. Nando'n ang takot sa mga mata at tinig niya. **"Nagsisimula na sila."**

Wala nang sumagot pa sa kaniya. Isinakay ako ni Christian sa gitnang bahagi ng van. Sina Chairman at Eerah Anitha ay nagtabi sa pinakalikuran. Si Taylor ang katabi ni Christian sa unahan.

Si Christian ang nasunod sa daan, walang nagturo sa kaniya kung saan dapat pumunta. **"'Eto ang gamot mo,"** pabato niya iyong ibinigay sa 'kin. **"Bumaba kami ni Taylor kanina para maghanap niyan."**

"Salamat. Hindi kumirot ang mga sugat ko pagkagising, kumirot lang ng dumating ang mga bastardong pulis."

"Inumin mo na agad 'yan." Wala siya sa huwisyo.

"Saan tayo pupunta, Christian?" hindi ko naitago ang pag-aalala sa aking tono.

"Hindi ko alam," aniya na sinulyapan ako sa salamin. **"Hindi ko alam."**

Gusto kong lingunin ang aking ama, umaasa akong may makukuhang sagot mula sa kaniya kahit sa galit na paraan. Pero mukhang gaya ko ay lunod ito sa sobrang pag-iisip tungkol sa magiging lagay namin.

Napabuntong-hininga ako saka tumingin sa labas. Wala na kaming mapuntahan. Si Mr. Wood ay hina-hunting na rin kami, tuloy ay hindi namin magawang manatili sa Laguna, o sa kahit saang hotel na pag-aari ni Chairman Rewis. Ang tinutuluyan naming iyon ay mataas na apartment, pinasok namin ang isa sa bakanteng kwarto at ginamit nang libre.

Ang mga sasakyan at ilang natitirang ari-arian namin ay pinagkukuha na ni Mr. Wood bago pa namin maibenta ang mga iyon. Ang lahat ng banko namin ay nagsara na rin dahil nasimot ang laman. Umiiwas kaming maglalabas dahil ang mga pulis ay inaasahan naming susunduin na kami anumang oras. Maging ang pagkain namin ay tipid na tipid, ang ilan pa sa natitira naming pera ay napunta sa gamot na kailangan kong inumin.

Kakaiba ang baril ni Maxpein, may kung anong lason sa bala niyon na pinadadaloy sa dugo ayon sa doktor. Matapos akong tahian at gamutin ng doktor ay ninakawan namin ito at tinakasan. Gusto kong magwala nang malaman namin sa botika kung gaano kamamahal ang mga gamot na inireseta niya. Tuloy ay gusto ko siyang balikan upang patayin.

Tatlong araw ang nakalipas mula nang barilin ako ni Maxpein. Nasisiguro kong sa mga oras na ito ay ilang araw nang nakalibing ang

kaniyang lolo. Wala akong balita kung nakabalik na ba sila ng bansa, hindi namin alam kung paanong malalaman ang tungkol do'n.

Sa tagal ng byahe ay naglayag lang ang aking isip. Natinag lang ako nang iparada ni Christian ang sasakyan sa isang convenient store. Pare-pareho kaming lilinga-linga sa paligid hanggang sa makapasok. Bagaman nasa express way iyon at iilan lang ang tao, hindi namin maiwasang maging alerto.

Sumunod kami kay Eerah nang kumuha siya ng tubig. Si Chairman Rewis naman ay dumeretso sa mga pagkain at halos limasin ang laman ng estante habang inihuhulog iyon sa maliit na cart. Si Taylor ay dumeretso sa mga de-latang beer, gaya ni Chairman ay pinaghuhulog iyon sa hawak na basket.

Naagaw namin ang atensyon ng kahera maging ng kasamahan niyang dalawa pa kung saan ang isa ay gwardya. Agad kong inilabas ang baril ko at itinutok sa gwardya nang akma itong huhugot na.

"Doon kayo," sabi ko na ipinangsenyas sa kanila ang nguso ng hawak kong baril. Agad akong lumapit sa kahera at tinutukan sila. **"Akin na ang kita ninyo,"** utos ko. Dali-dali namang nagsipagsunuran ang mga ito.

Gulat na gulat na napatitig sa 'kin si Eerah Anitha nang malingunan ko siya. Hindi ko maipaliwanag kung bakit natitigilan akong makita siya sa ganoong reaksyon.

"Kunan mo ako ng gamot," utos ko.

"Walang gamot dito," mataray niyang sagot.

"Kunin mo ang kahit na anong bagay na makikita mong pwedeng ipanlinis dito sa sugat ko, bago pa mag-init ang ulo ko." Saka ako muling bumaling sa kahera na napakabagal kung kumilos. **"Bilisan mo!"**

Matapos naming limasin ang mga kailangan namin ay nagmadali kaming bumalik sa sasakyan. Dumaan kami sa gasolinahan at tinakot sila gaya ng ginawa namin sa convenient store upang makaragahan kami ng libre.

"IHINTO mo ang sasakyan," marahas na utos ni Chairman Rewis nang marating namin ang bukana ng Pagsanjan, Laguna. Nagkatinginan kami at sabay-sabay na napalingon sa aking ama. **"Mr. Wood,"** peke ang magiliw niyang tinig.

Pinanood namin si Chairman na pakinggan ang kabilang linya. Nakita namin ang pag-iiba ng mga reaksyon at emosyon sa kaniyang mukha. Lamang ang galit at pag-aalala.

"Ang totoo ay patungo na kami ngayon diyan. Nandito na kami sa Pagsanjan," mayamaya'y sabi ni daddy. **"Sige, Mr. Wood. Makaaasa kang darating kami,"** saka niya ibinaba ang linya.

"Ano raw 'yon, dad?" tanong ni Eerah.

Napabuntong-hininga ang aking ama. Sumenyas siya kay Christian na magpatuloy na sa pagmamaneho. **"Nais niyang pumunta tayo sa kaniya, may gusto raw siyang ipakipag-usap sa atin."**

"Tungkol saan daw, dad?"

"Marahil ay tungkol sa utang natin sa kaniya."

"Shit!" angil ni Eerah, nawawalan ng pag-asa. **"What are we going to do now, dad?"**

"I don't know."

"Paniguradong papatayin tayo ni Mr. Wood kapag nalaman niyang wala na tayong pera."

"Nasisiguro kong ganoon nga ang kaniyang gagawin. Lalo pa at napakasarkastiko ng dating ng kaniyang pananalita. Tila hinuhuli kung nagsasabi ba ako nang totoo o hindi. Hindi ko pa man nasasabi ay naramdaman na raw niyang nakabalik na tayo rito sa Laguna kaya nais niya tayong makita."

"Lintik talaga ang lakas ng pakiramdam ng hayop na iyon," sabi ko.

"Kailangan natin siyang siputin kung hindi ay hindi na tayo makalalabas pa ng Laguna. Hahanapin niya tayo at papataying isa-isa."

Wala kaming nagawa kundi ang magtungo sa kuta ni Mr. Wood matapos namin kumain. Hindi na tulad ng dati ang pakikitungo ng mga tao sa 'min. Masasama na sila ngayon kung magsitingin. Mga nakaabang sa kilos namin na para bang kasimbilis kaming kumilos ni Maxpein.

Hindi ko maiwasang kabahan habang papalapit kami sa pinto ng kwarto ni Mr. Wood. Palangiti siya, sarkastikong parati kung magsalita. Pero hindi mo malalaman ang laman ng kaniyang isip. Anumang oras ay pwede niyang itutok sa 'yo ang baril niyang hindi nawawala sa pagkakapatong sa kaniyang mesa, at walang alinlangang iputok. Ganoon daw siya kapag nagagalit o natutuwa.

"May bisita kayo, Mr. Wood," dinig naming anunsyo ng tauhan. Bahagya nitong iniawang ang pinto para marinig ang tutugon kapag nagtanong si Mr. Wood.

"Code name?" 'Ayun na nga ang madalas na tanong ni Mr. Wood bago papasukin ang sinumang bisita.

"R.E.W.I.S."

"Tuloy," mahihimigan na ang tuwa sa tinig ni Mr. Wood.

Walang nagbago sa lugar. maliban sa dalawang babaeng pawang naka-underwear na nasa tabi ni Mr. Wood. Mga nakahawak sa swivel chair na kinauupuan ng lider at mga nakatingin sa 'min.

"Inaasahan kong dala na ninyo ang buong kakulangan sa inyong bayad, Chairman Rewis?" ani Mr. Wood matapos ibaba ang kasusubo lang na pipa.

Pare-pareho kaming natahimik at hindi nakasagot. Sabay-sabay rin halos kaming napayuko nang tingnan kaming isa-isa ni Mr. Wood. Mayamaya ay humalakhak siya at nang tingnan namin ay nakangisi na siya sa amin.

"Ano ngayon ang gusto mong mangyari sa utang mo sa akin, Chairman Rewis?" tanong ni Mr. Wood.

"Babayaran kita, gaya ng usapan," anang aking ama, iniiwasang gumaralgal ang tinig. **"Ngunit sa ngayon ay makikiusap na muna ako sa iyo na bigyan pa kami ng ilang araw na palugit--"**

"Nang gaano katagal pa?" pangunguna ni Mr. Wood. **"Matagal na akong naghihintay at lampas na sa usapan natin ang ibinigay kong palugit sa iyo, Chairman Rewis."**

"Nagkaroon lang ng kaunting aberya. Alam mo naman na pinag-iigi namin ang pagkilos upang mabayaran ka."

"Subalit walang nangyayari," nakangisi pa rin si Mr. Wood. **"Kaytagal ko nang naghihintay pero hindi ninyo pa rin ako mabayaran nang buo. Nasaan na ang taong ibabayad mo sa akin? Iyong sinasabi at ipinagmamalaki mo, Chairman Rewis?"**

Natigilan ang aking ama, nakamaang na napatitig sa kaniya. Mayamaya ay lumingon siya sa amin nina Taylor at Christian saka bumuntong-hininga. Nangunot ang noo ko, alam kong si Deib Lohr ang tinutukoy ni Mr. Wood. Dahil sa nangyari sa 'kin ay hindi na namin iyon nagawang asikasuhin. Halos maghingalo ako dahil sa lason na naro'n sa balang ipinutok sa 'kin ni Maxpein.

"Ang totoo niyan ay ngayon namin balak na dalhin sa iyo ang binata." Batid kong nagsisinungaling ang aking ama.

Hindi na ako magtataka kung mahimigan ni Mr. Wood ang pagsisinungaling niya. Base sa nakaiinsulto niyang pagkakangiti ay

halatang hindi siya naniniwala.

"Kung gano'n ay dalhin mo siya sa akin," ani Mr. Wood. **"Ang sabi mo ay ikaw na ang bahalang humingi ng ransom sa pamilya niya bilang kabayaran sa utang mo sa akin? Mangyayari iyon, hindi ba?"**

"Oo. Syempre naman, Mr. Wood."

"Mabuti kung ganoon dahil umaasa ako. Kumilos na kayo. Bibigyan ko kayo ng tatlong oras."

"Ano?" gulat na gilalas ni Eerah Anitha.

Nakangisi siyang nilingon ni Mr. Wood at pinasadahan ng tingin. **"Kung may pagtanggi ka ay ikulong mo ang iyong sarili sa makipot kong hawla nang nakahubad,"** aniya na isinenyas ang kulungan na nasa madilim na parte ng kwartong iyon. **"Kung papayag ang iyong ama ay hahayaan kong ibigay ka niya bilang kabayaran. Hindi na ako hihiling ng kahit ano pa."**

"Hindi pwede," sabat ko. **"Dadalhin namin dito si Deib Lohr, siya ang ikulong mo. Mangyayari ang usapan,"** pagmamatigas ko saka ako tumayo. **"Tara na."**

Dali-dali silang nagsipagsunuran sa 'kin, mararamdaman ang takot ni Eerah. Mabilis naming nilisan ang lugar na iyon. At nagtungo sa lugar ng mga Enrile.

"Nalintikan na!" singhal ni Christian, nahampas ang manibela. **"Hindi tayo handa! Hindi natin napagplanuhan ito!"**

"Susundin natin ang naunang plano," ani Taylor. **"Kapag hindi natin nabayaran ang Mr. Wood na iyon ay pare-pareho tayong mananagot."**

"Paano?" tanong ko. **"Paano nating makukuha si Deib Lohr ngayon?"**

"Magagawan natin iyan ng paraan. Sa ngayon ay kailangan na muna nating pumunta at pag-aralan ang kanilang tahanan. Hindi tayo pwedeng abutan ng hapunan, Sin. Kumalma ka," ani Taylor.

Hindi na ako nagsalita pa bagaman patuloy sa pagwawala ang dibdib ko. Kinakabahan ako dahil hindi kami handa.

TAHIMIK ang bahay ng mga Enrile nang marating namin. Mukhang walang tao. Gayunman ay hindi na kami nagdalawang-isip na pasukin ang bahay at tahimik nga namin niloob ito.

Pero bigo kami. Gaya nang datnan namin ay wala ngang tao. Tahimik na tahimik at maayos ang mga gamit sa loob. Maski tauhan ay wala. Maski katulong ay hindi namin makita.

"*Mierda*!" singhal ko habang sumasakay pabalik sa sasakyan.

Wala na kaming kabali-balita. Wala na rin kaming paraan para makakuha at makarinig pa ng kahit na anong tungkol sa mga Enrile at Echavez. Magmula nang iwan kami ng mga tauhan ay tila nabawasan ang aming kakayahan.

Nagmaniobra si Christian at planong sa kabilang kanto ng street na iyon dumaan. Pare-pareho kaming binabagabag nang pag-aalalang bumalik sa kuta ni Mr. Wood nang walang bitbit. Nasisiguro naming pare-pareho kaming malalagot.

"Ano ang gagawin natin, dad?" kabadong tanong ni Eerah Anitha.

"Manahimik ka na lang muna sa katatanong, Eerah Anitha. Naririndi ako sa iyo," singhal ng aming ama.

"Mukhang nasa atin talaga ang swerte," sabi ni Taylor. Hindi ko man siya tingnan ay batid kong nakangisi siya. **"'Ayun si Deib Lohr."**

Sabay-sabay kaming nagsipaglingunan kung saan siya nakatingin. May kung anong liwanag akong nakita nang matanawan ko si Deib Lohr sa village court at naglalaro ng basketball nang mag-isa.

Napatingin kami sa isa't isa at sabay-sabay na napangisi. **"Iparada mo ang sasakyan sa di kalayuan, Christian,"** utos ni Taylor. **"Kaya ko na itong mag-isa."**

Sumunod si Christian, ipinarada niya ang sasakyan at hindi man lang iyon napansin ng binata. Patuloy siya sa paglalaro. Nananatiling nakatayo na animong tinatantya kung paanong ipahuhulog ang hawak na bola sa 3-point na linya.

Tinanaw ko si Taylor na gumilid papunta sa likurang bahagi ng court. Agad namang bumaba si Christian at sumunod sa kaniya upang mag-abang sa likuran ni Taylor.

Kaming mga naiwan ay pawang nagpigil ng hininga habang pinapanood si Taylor na tahimik sa paglapit kay Deib Lohr.

Naging napakatagal ng sandaling iyon. Napapraning ako sa hindi maipaliwanag na dahilan. Pakiramdam ko ay may kung sinong lalabas mula sa paligid ni Deib Lohr at basta na lang susugurin sina Taylor at Christian.

Ngunit ang lahat ng kapraninang ko ay nawala nang madakma ni Taylor si Deib Lohr sa likuran nang walang kahirap-hirap. Agad na tumakbo si Christian at dinamba ito sa ulunan upang makatulog.

Sa ganoon kadaling paraan ay nakuha nila si Deib Lohr at naisakay sa sasakyan. **"Talagang nasa atin ang swerte, Chairman. Nasa atin ang**

swerte," nakangising sabi ni Taylor habang nakatingin sa mukha ni Deib Lohr.

Hindi kami nag-aksaya pa ng oras. Mabilis bumalik papunta sa kuta ni Mr. Wood. Kakaiba na ang pakiramdam. Malayo sa nararamdaman ko kanina. Ngayon ay may halo na iyong tagumpay.

Lalakihan ko ang paghingi ng pera sa pamilya niya. Ibabalik ko ang dati naming buhay. Hindi man sing-gara ng dati naming tahanan, sisiguruhin kong magsasama kaming masaya.

"MUKHANG napaghandaan ninyo ang araw na ito?" ani Mr. Wood nang muli kaming magkaharap. Nakangisi niya kaming sinalubong hindi pa man kami tuluyang nakakapasok.

"Narito na ang kabayaran," nagmamalaki ang tinig ng aking ama.

"Iharap mo sa akin."

"Nakatulog siya."

Napabuntong-hininga si Mr. Wood. **"Ihiga mo na muna kung ganoon."**

Sumunod sina Taylor at Christian at akmang ihihiga si Deib Lohr sa mahabang sofa na naro'n din sa kwarto.

Sumensyas si Mr. Wood. **"Hindi diyan,"** nakangising sabi niya saka natawa. **"Doon mismo sa gigintuin kong hawla."** Patungkol niya sa kulungan.

Kakatwang meron siyang kulungan sa loob ng malaking kwartong iyon. Natatakpan iyon ng mapulang kurtina at may pinaliligiran ng nagtatabaang baston. Magkatulong na ipinasok ng dalawa si Deib Lohr at inihiga na lang basta roon.

"Ngayon ay tawagan mo na ang kaniyang pamilya," ani Mr. Wood na ang paningin ay na kay Eerah Anitha. **"Kumilos ka na ngayon kung ayaw mong paghubarin kita."**

Aligagang sumunod si Eerah, makikita ang pangangatal ng parehong kamay niya. Nag-dial siya sa telepono at nakinig doon. Mukhang walang sumasagot sa kabilang linya dahil umulit siya.

Naramdaman na naman namin ang kawalang pag-asa nang umabot sa ikaapat na beses nang pagtawag si Eerah Anitha. Nag-iiba na ang hitsura ni Mr. Wood, nauubusan na siya ng pasensya.

"Kung hindi ninyo matatawagan ang mga magulang ng binatilyong iyan, alam ninyo na ang mangyayari," ani Mr. Wood.

"Sumubok kang muli," utos ng aking ama.

"Hello?" halos maisigaw ni Eerah ang salita. Napatingin kay Chairman. **"Nasa amin si Deib Lohr--makinig ka!"** biglang sigaw niya. **"Nasa amin si Deib Lohr, Mrs. Enrile. Ibabalik namin siya kung magbibigay kayo ng ransom."**

Tiningala ko si Mr. Wood. Nakangisi siyang nagpalakad-lakad sa harap namin. Inilagay niya pa ang isang kamay sa panga at pinaglaro doon ang mga daliri.

"Hindi ko na matandaan kung gaano kalaki ang utang mo sa akin, Chairman," halos pabulong niyang sabi. **"Masyado nang mataas ang tubo dahil sa tagal ng panahon bago mo ako mabayaran."** Saka siya huminto at nginisihan si Eerah. **"Sabihin mo sa kanila na sixty million ang kailangan nilang ibigay para sa buhay ng kanilang anak."**

Nanlaki ang mga mata namin. *Sixty million?* **"Napakalaki naman?"** hindi ko napigilang isatinig ang tanong na dapat ay nasa isip ko lang kasabay ng pagtayo.

"Make it seventy," nakaiinsulto ang tinig ni Mr. Wood.

"Sa amin ang sampu," sabi ko.

Tumaas ang ngisi ni Mr. Wood. **"Lima ang ibibigay ko sa iyo. Maupo ka kung ayaw mong lumpuhin kita."**

"Seventy million," nanginginig ang tinig ni Eerah Anitha. **"Ibigay mo kung gusto mong buhayin ko ang anak mo! Makukuha ninyo lamang siya nang buhay kung ibibigay ninyo ang halagang hinihingi namin."**

"Ngayon mismo," pabulong na sabi ni Mr. Wood.

Lalong nanlaki ang mga mata namin habang nakatingin sa kaniya. Hindi kami makapaniwala.

Ngayon mismo? Mayaman ang mga Enrile pero masyadong imposible ang ganoon kalaking halaga para maibigay ngayon agad sa kaniya!

"Ngayon mismo," pag-uulit ni Mr. Wood nang hindi makapagsalita dahil sa gulat si Eerah. Pare-pareho kaming nagpigil ng hininga nang pulutin ni Mr. Wood ang baril sa kaniyang mesa at bigla iyong ikasa. **"Dahil kung hindi ay papatayin ko kayong pare-pareho pati na ang lalaking iyon,"** itinuro niya si Deib Lohr.

Seryosong-seryoso na si Mr. Wood. Malayo sa hitsura niya kanina na nakakaaasar at nakakainsulto. Ngayon ko lang napagtanto kung gaano kahabang pasensya na ang ibinibigay niya sa amin.

"Sa dami ng pinautang ko ay kayo lang ang nakapagpahintay sa akin, Chairman Rewis. Hindi na ako umaasa ngunit napakalakas ng

loob ninyong magpakita sa akin." Seryoso na talaga si Mr. Wood. **"May isang salita ako. Kailangan kong makuha ang pera ko ngayon dahil kung hindi ay papatayin ko kayo."**

"Ngayon mismo!" gilalas ni Eerah Anitha habang ang masamang tingin ay na kay Mr. Wood. **"May isang salita ako. Kung hindi ninyo ibibigay ang halagang hinihingi ko ngayon ay papatayin ko kayo,"** panggagaya niya sa sinabi nito. **"Tatawag ulit ako matapos ang isang oras."** Ibinaba niya ang linya.

Napangisi si Mr. Wood saka yumuko kay Eerah. **"Gusto ko ang tapang mo kahit na medyo pilit."** Sinampal-sampal niya sa pisngi si Eerah.

"Tigilan mo siya," hindi ko na naman napigilang magsalita.

Lumapit sa 'kin si Mr. Wood matapos ang marahang paglalakad. **"Nagtatapang-tapangan ka. Kaunti lang ang pasensya ko sa mga gaya mo."** Tiningnan niya ang mga benta sa katawan ko. **"Mukhang kagagaling mo lang sa engkwentro, may lugar pa ba para sa bala ko?"**

"Cargosin," sita sa 'kin ni Chairman. **"*Cállate*!"**

Hindi na ako nagsalita pa, naging mahirap para sa akin na alisin ang masamang tingin kay Mr. Wood. Habang siya ay ngingisi-ngising nagpalakad-lakad muli sa harapan namin.

Sa ganoong paraan naming pinalipas ang oras. Nagising si Deib Lohr nang hilong-hilo at hindi magawang tumayo. Nang makakuha ng lakas ay nagulat siya matapos kaming makita.

"Mga hayop kayo!" sigaw niya sa amin.

Nagawa kong tumayo at lumapit sa kaniya. Malakas ang loob ko dahil lumabas si Mr. Wood at may isang oras nang hindi bumabalik. Sinubukan ko siyang abutin mula sa pagitan naming mga rehas pero nagawa niyang umatras. Nakangisi ko siyang sinamaan ng tingin pero ang galit ay nangingibabaw sa aking dibdib.

"Gustong-gusto kitang patayin, alam mo ba 'yon?" pabulong kong sabi.

"Ano na naman ang gusto niyo!"

"Huwag kang mag-alala dahil sisimutin lang namin ang inyong pera. Mananatili kang buhay, Deib Lohr. Isasauli ka namin nang buhay sa iyong pamilya."

"Hayop ka!"

"Ganoon nga," ngumisi ako. **"Pero kung magmamatigas ka at pananatilihin ang ganiyan mong pag-uugali ay pwede kitang katayin**

kapag hawak ko na ang pera."

"Hindi 'yon mangyayari, Cargosin!"

"Huli na, dahil gumagawa na ng paraan ang iyong ina." Nginisihan ko ulit siya. **"Dahil kung hindi niya magagawang ibigay ang hinihingi naming halaga, sabay-sabay kayong ililibing sa mga susunod na araw."**

Nabasa ko ang takot sa kaniyang mga mata bagaman gusto niya pa ring magalit. Umatras siya papunta sa dilim, iyong hindi masyadong maaaninag ang kaniyang mukha. At doon ay wala siyang nagawa kundi ang samaan ako ng tingin.

Magsasalita pa sana akong muli nang bumukas ang pinto at pumasok si Mr. Wood. Tiningnan niya ako nang masama dahilan para mapabalik ako sa kaninang kinauupuan.

"Tawagan mo na uli ang kaniyang mga magulang," utos niya kay Eerah Anitha. **"Isang oras lang ang usapan, lumampas ka na naman."** Mas seryoso na siya kompara kanina.

Kikilos na sana si Eerah nang matinag siya sa sensyas ni Mr. Wood. Muling sumenyas ito at kasunod niyon ay ang paglapit ng isang tauhan sa kaniya. Nakita ko kung paanong ang seryoso niyang mukha ay napalitan ng pagkagulat. Gusto kong magtaka, gusto kong malaman kung anuman ang ibinulong sa kaniya upang magkaganoon ang kanina'y galit niyang mukha.

"Kailan pa?" mahinang tanong ni Mr. Wood.

"Ilang araw na rin ang nakalipas," tugon ng tauhan.

"Bakit hindi agad ninyo nalaman?" nagtaas ng tinig si Mr. Wood.

Napakislot ang tauhan. **"Ngayon ko lang din nalaman, Mr. Wood, pasensya."**

Napasandal si Mr. Wood sa kinauupuan. Ang mga mata ay nanlalaki pa rin na animong may hindi mapaniwalaan. Sandali siyang natahimik, nag-iisip, bago muling bumaling sa 'min nang may galit.

"Nasaan na ang pera!" sigaw niya kay Eerah.

"Kumilos ka na," pabulong na utos ng aking ama, napapalunok pa.

"H-Hindi na sila sumasagot," kabadong sabi ni Eerah Anitha.

Napatayo si Mr. Wood, totoong galit na siya. Dinampot niya ang baril bago gumilid sa mesa at lumapit sa 'min. **"Hindi ba't isang oras lang ibinigay mo sa kanila? Ngayon ay hindi na sila sumasagot? Ano ang halaga ng anak nila sa kanila?"** sunod-sunod na tanong ni Mr. Wood na walang alinlangang itinutok ang baril sa bibig ni Eerah Anitha.

"Mr. Wood," tumayo ang aking ama upang pigilan siya ngunit sa isang pagbalya sa paa ay tumumba siya.

Napatayo kami nina Christian at Taylor ngunit ganoon din kabilis na nakakilos ang mga tauhan upang paligiran kami. Bumilis ang paghinga ko, pailalim na tiningnan ang kilos ng lahat.

"Ugali kong tumupad sa pangako kaya ayaw ko sa mga taong hindi sumusunod sa napagkasunduan," sabi ni Mr. Wood. **"Ubos na ang pasensya ko, Chairman. Papatayin ko na lang kayo at ibebenta ang mga lamang-loob ninyo, para may mahita akong kita kahit papaano."**

"Nakikiusap ako," lumuhod ang aking ama. **"Kaunting palugit pa."**

Umiling si Mr. Wood. **"Ang kaunti ay naibigay ko na, Chairman. Ang palugit ay narito na!"** Bigla niyang ikinasa ang baril at itinutok sa mismong noo ng aking ama!

"No!" sigaw ni Eerah Anitha.

Napakilos kami nina Taylor at Christian ngunit natigilan ang lahat sa limang magkakasunod na katok sa pinto! Habol-habol namin ang paghinga nang tila huminto ang pagtibok ng puso namin dahil sa ikinilos ni Mr. Wood. Bakas na bakas sa mukha niya ang kawalan ng pag-aalinlangang iputok ang baril. Maging ang papalapit niya nang pagkalabit sa baril ay napanood ko nang magbagal iyon sa paningin ko.

Halos mahulog ang puso ko nang mangibabaw ang malalakas na katok sa pinto. At tahimik na ipinagpasalamat na nangyari iyon.

Bumukas ang pinto at pumasok ang tauhan na bantay ro'n. **"May bisita kayo, Mr. Wood,"** sabi nito na hindi man lang kami pinagkaabalahang tingnan.

Naghahabol din ng hininga sa sobrang galit si Mr. Wood. Sandaling humugot ng ilang hininga nang nakatingala ang mukha saka nagsalita, **"Code name!"** galit niyang sigaw.

"H.E.R." Sabay-sabay naming narinig nang sabihin iyon ng tila pamilyar na tinig ng babae.

Napalingon ako sa pinto bago muling nilingon si Mr. Wood. Biglang kumalabog ang kaba sa dibdib ko. Ang mukha ni Mr. Wood ay puno ng gulat, tila hindi inaasahang gaya namin ang nagmamay-ari ng tinig sa likod ng pintuan.

~ To Be CONTINUED. . . ~

OceanofPDF.com

CHAPTER 220 : THE VENGEANCE 2

CHAPTER 220 : THE VENGEANCE

Who's back with a vengeance?

MAX'S POV

"MAXPEIN, let's go." Sinadya pa ni Maxwell na pasukin ako sa kwarto para sabihing aalis na kami.

Hindi ko namalayan kung gaano katagal akong nanatiling nakatayo sa harap ng bintana. Tahimik kong pinanood ang bukang-liwayway, mula sa dilim hanggang sa unti-unting magliwanag. Bagaman madilim ay marami akong nakita sa labas ng bintana, karamihan sa mga iyon ay puno. Animong pawang mga nakatingin sa 'kin at nakikiusap na tanggalin ko ang galit sa aking puso. Blangko ang isip ko pero parang napakaraming laman. Ang bigat ay nananatili sa dibdib ko. Hindi pa rin ako makapaniwala na hanggang dito na lang ito.

You were there for me to love and care for me when skies were grey. Whenever I was down you were always there to comfort me. And no one else can be what you have been to me. You will always be the man in my life for all time...Chairman.

"Maxpein?" muling pukaw sa 'kin ni Maxwell.

Napabuntong-hininga lang ako. Hindi ko magawang alisin ang paningin ko sa kumalat na liwanag. Madalang ko 'yong makita kaya nabibighani ako ngayon sa taglay nitong ganda.

You're always down for me have always been around for me even when I was bad. You showed me right from my wrong. And you took up for me when everyone was downing me. You always did understand. You gave me strength to go on.

Hindi ko malilimutan nang minsang sabihin sa 'kin ni Chairman kung gaano siyang namangha sa ganda ng bukang-liwayway. Natatandaan ko nang sabihin niya sa 'kin na dapat ko 'yong makita at mapanood maski isang beses lang.

There were so many times looking back when I was so afraid. And then you come to me and say to me that I can face anything. And no one else can

do what you have done for me. You will always be the man in my life for all time.

Naramdaman ko ang paglapit niya. **"Maxpein, let's go,"** halos pabulong na lang 'yong sabihin ni Maxwell nang tumabi siya sa 'kin.

Nang hindi ako kumibo ay tinanaw niya rin ang langit na siyang tinitingnan ko. Narinig ko siyang bumuntong-hininga. Nakita ko rin sa gilid ng aking mga mata nang lingunin niya ang pintong pinanggalingan. Saka siya gumaya sa posisyon ko, humarap siya sa bintana at tinanaw ang langit.

"What should I do, *Hyung*?" kunot-noong tanong ko.

"Huh?" natitigilang tanong niya.

"Ano sa tingin mo ang gagawin nila sa 'kin?" inosenteng tanong ko, hindi inaalis sa tinatanaw ang paningin.

Natigilan si Maxwell, naramdaman ko nang lingunin niya uli ako. **"Nino?"**

Napabuntong-hininga ako. **"Napahamak si Chairman dahil sa pagiging iresponsable ko."** May kung anong gumapang na lungkot sa puso ko. Umakyat 'yon papunta sa lalamunan ko at nagbara. Mayamaya lang ay nararamdaman ko na ang pagbabadya ng mga luha.

Mabilis siyang kumilos paharap sa 'kin at hinawakan ako sa magkabilang balikat. Hindi ko magawang tingnan siya sa mga mata nang sapilitan niya akong iharap sa kaniya. Naramdaman ko ang mga titig niya sa 'kin, nararamdaman ko rin ang awa.

Pinakayuko ko pa lalo ang ulo ko at pinigilan ang maluha.

"Don't blame yourself because it is not your fault, Pein," bulong niya habang niyuyuko ang ulo at pilit na sinasalubong ang tingin ko.

"I could have done more, Maxwell." Nag-iwas ako ng tingin. Ang masakit na pakiramdam na 'yon ang bumabagabag sa 'kin. **"Paulit-ulit akong naghahanap ng masisisi pero sa huli ay sarili ko ang nakikita ko. I have no one to blame but myself. It's all my fault, Maxwell. It is my fault."**

"What was your fault?"

Napailing ako. **"Everything was my fault."**

"Ikaw ba ang nagtanim ng mga bomba sa kotseng sinasakyan niya?" tanong niya. Nag-angat ako ng tingin. Gano'n na lang ang pagkakakunot ng noo niya. **"It is not your fault that they killed him, Maxpein."** Sinabi niya 'yon habang inaalog-alog ang magkabilang balikat ko. **"It is not our fault that they are here to take revenge. You did everything that you**

can. You did your best to save all of us, and I saw that, Maxpein. Nothing will ever change so please stop blaming yourself."

Hindi ko nagawang sumagot. Naramdaman ko na ang pagtulo ng luha ko kaya agad akong nag-iwas ng tingin at muling humarap sa bintana.

"It is not your fault and you can't be held accountable for what they did. Circumstances are inevitable, Pein. And you're just human."

Pinakatitigan ko siya sa mata habang pinangingiliran ako ng mga luha. **"Gusto kong sisihin ang sarili ko, Maxwell. Kahit ayaw ko ay kusa akong sinisisi ng konsensya ko. He's my responsibility. Just like my success, my failure is my responsibility. Kailangan ko nang masisisi dahil hindi ko matanggap na gano'n ang nangyari sa Chairman."**

Bahagya siyang nanlumo, nakita ko nang bumagsak ang mga balikat niya. Napatitig din siya sa 'kin saka bumuntong-hininga. Bago ko pa namalayan ay niyakap niya na ako. Paulit-ulit niyang hinaplos ang buhok ko saka tinapik ang likuran ko.

"Okay..." Bumulong siya habang patuloy na hinahaplos ang buhok ko. **"Okay."** Naramdaman ko pa siyang tumango. **"Blame yourself, then. At least you're brave enough to accept failure and I admire you for that, Maxpein. You can cry over and over again, I'll never leave you until you stop crying. I will be here until you stop blaming yourself over things you have no control over.**

Hindi ko na sinagot pa si Maxwell. Sandali pa kaming tahimik na nanatili sa kwartong 'yon bago ako nagpaakay sa kaniya palabas. Handa na ang lahat, wala na halos akong gagawin dahil kanina pa man ay nakabihis na ako. Iilan na lang ang tao, karamihan pa ay kamag-anak ko. Marahil ay nasa 'baba na ang iba pa at naghahanda sa pag-alis namin.

Agad na pinahid ni Maze ang mga luha nang makitang papalapit na ako. Pinilit niyang ngumiti nang natural pero nabigo siya. Sinalubong niya ako at niyakap. Nararamdaman ko ang panginginig ng mga kalamnan niya. Mahirap talaga para sa kaniyang pigilan ang luha.

"Take care, okay?" bulong niya saka pa lang ako hinarap. Hindi ko naman siya magawang tugunan.

Bukod sa 'min ni Maxwell ay sina Mokz, More at Maxrill lang ang makakasama ko papuntang Korea. Maiiwan si Maze dito para asikasuhin ang mga naiwan ng Chairman.

Sa mansyon tutuloy si Heurt at ang kaniyang pamilya. Doon din mananatili ang mga Echavez at Enrile. Ang mga Rewis ay bahala na sa

buhay nila.

Sabay-sabay kaming naglakad at tahimik na bumaba. Tinanguan ako ni More saka siya nanguna papalabas ng sanctuaryo. Sumunod naman sa kaniya sina Mokz at Maxrill. Nanguna sa 'kin si Maxwell, ako ang huling lumabas sa pinto.

Muli akong namangha pero higit 'yon sa naramdaman ko kagabi. Dahil kung marami akong nakita kagabi ay apat o higit pa ng bilang niyon ang bilang ng taong nasa harapan ko ngayon. May kung anong musika na nangibabaw sa pandinig ko, mababa at tumitining na tono, habang pinapasadahan ng tingin ang napakaraming tao.

Natakpan ko ang bibig ko. Hindi ko na magawang pigilan pa ang mga luha ko. Ang paghagulgol ng mga taong naro'n ay parang kantang bumuhay muli sa emosyon ko. Napayuko ako at sinikap pigilan ang paghikbi.

Muling gumapang ang sakit sa puso ko. Hindi ako makapaniwalang bukod sa 'kin at sa pamilya ko ay napakaraming taong nagluluksa sa pagkawala ng aking lolo.

Kahanga-hanga ang disiplina nila. Makikitang kahit gusto nila ay gano'n na lang ang kanilang pagpipigil sa sariling lapitan ang karwahe na siyang maghahatid sa labi ng Chairman. Simple at gawa sa kahoy ang ilalim na pundasyon ng karwahe. Palawak ang laki niyon at kwadrado. Gawa naman sa salamin ang ibabaw kung saan ipapasok ang kabaong ng Chairman. Sinadyang palibutan iyon ng mababangong bulaklak. Ang disensyo ay hindi nalalayo sa panlasa ng Chairman. Kakaiba kompara sa nakasanayan namin, hindi naman namin kinalimutan ang kultura at nakagawian na.

Lalong lumakas ang pag-iyak ng mga tao nang makita nila ang kabaong ng Chairman. Tulong-tulong iyong binubuhat ng mga tauhan. Maingat nilang inilapag iyon sa stand na gawa sa marmol na sadyang ipinuwesto sa espasyo bago bumaba ng hagdan kung nasaan ang mga tao. Hindi na binuksan ang kabaong, kahit gawin iyon ay hindi nila makikita ang labi dahil nakabalot iyon.

Naglaan kami ng maikling panalangin saka namin hinayaan ang mga taong masilayan sandali ang kabaong niya. Matapos ang ilang minuto ay pumuwesto na sina Maxrill, Mokz, More at Maxwell sa dalawang magkabilang gilid ng kabaong. Sumunod naman ang iba pang mga tauhan saka nila tulong-tulong na binuhat iyon pasakay sa karwahe.

Tumindi pa ang pag-ugong ng iyak ng mga tao. Hindi ko na mapigilan ang paninikip ng dibdib ko. Namalayan ko na lang ay sumabog na ang luha

ko.

Naging hudyat ang paglingon sa 'kin ni Maxwell para bumaba ako at lumapit sa kanila. Nanatili akong nakayuko at pinakikinggan ang pag-iyak ng karamihan. Ninanamnam ang sakit na pare-pareho naming pinagdaraanan.

Nagsimulang maglakad ang dalawang kabayo, kasunod niyon ay ang paglalakad namin sa likuran nito. Ang mga tao ay pilit na inaabot ang karwahe bagaman may dalawang dipa ang layo nila bukod sa mga bakal na nakaharang sa kanilang daraanan. Ang kalye ay libre para sa karwahe at sa 'ming kamag-anak lang. Ang mga kaibigan namin ay lulan ng mga sasakyang nasa likuran namin. Bukod sa mga Moon at mga tauhan ay wala nang ibang pwedeng maglakad kasabay namin.

Ihahatid kami ng karwahe sa crossing kung saan naro'n ang sasakyang gagamitin namin papunta sa airport. Ang pagkakataong ito ay ibinigay ni daddy para sa mga taong nagnanais na makita si Chairman sa huling sandali. Ang lahat ay tila nagluluksa. Nakakamangha pero hindi ko pa rin maiwasang masaktan.

Matapos ang mahigit isang oras nang paglalakad ay narating namin ang crossing. Hindi man lang yata nabawasan ang bilang ng taong naro'n. Napakarami pa ring nakikiramay hanggang sa maisakay sa limousine ang Chairman na siyang maghahatid dito sa airport.

Hindi ko na kinaya pang pakinggan ang mga iyakan. Hindi pa man ako nakakaalis ng bansa ay hindi na maayos ang hitsura ko. Sumakay agad ako sa sasakyang nakalaan sa 'min at nagsara ng pinto. Sumunod sina Maxrill at More, huling sumakay sina Maxwell at Mokz matapos magpaalam kina Maze at Heurt.

Tahimik kaming naglakbay at wala pang kinse minutos ay narating namin ang airport. Inalalayan kami ng mga security papunta sa daan kung saan malayo sa regular na daanan ng mga tao. Doon ay narating namin ang private jet na pag-aari ng mga Moon.

HALOS tatlong oras lang kaming lumipad papunta sa Korea. Nakasaayos na ang lahat dahil sa airport pa lang ay sinundo na kami ng napakaraming tao. Mga taong nabibilang din sa aming organisasyon.

May makinang pinaaandar ng tao na umasikaso sa kabaong ni Chairman Moon. Sa oras na iyon ay wala na ni isa sa amin ang maaaring humawak pa sa kabaong niya. Magagawa na lang namin iyon kapag naihatid siya sa palasyo ng parliyamento.

Malamig na hangin ang agad na dumapo sa balat ko. Malayo na ang pakiramdam ko ngayon sa mainit na pakiramdam ko kanina. Hindi tulad sa Pilipinas, wala akong makitang lumuluha ngayon. Pero ang lungkot sa kanilang mga mata, habang tinatanaw ang kabaong ng Chairman, ay hindi matatawaran.

Ang ilan ay mga nakatingin sa 'kin, hindi pa man ay parang nagtatanong na ang mga mata nila. Sa pamamagitan ng tingin ay kinukuwestyon ako kung bakit nahantong sa ganito ang buhay ng Chairman. Nagbaba ako ng tingin kasabay ng pagbubuntong-hininga. Hindi ko magawang labanan ang mga nag-iinteroga nilang mga mata.

Habang pababa ng eroplano ay agad kaming sinalubong ng mga *rango*. Grupo iyon ng mga kalalakihan na katumbas ng tauhan. Agad silang nagsipagtanguhan nang makababa sina More at Maxwell. Nanatili silang nakatungo hanggang sa makababa kami nina Mokz at Maxrill.

"Annyeonghashimnikka," sabay-sabay nilang bati saka sabay-sabay ring umayos ng tayo. Wala ni isang nakatingin nang deretso sa amin. Ang paggalang ay mararamdaman sa kanilang lahat.

Tumango si More saka nanguna sa paglalakad. Sa dulo ng red carpet na nilalakaran namin ay naro'n ang mahabang sasakyan. Nag-aabang hanggang sa maisakay kami. Sa unahan namin ay ang kotse na gagamitin para sa labi ni Chairman Moon.

"Are you hungry, Maxrill?" tanong ni daddy habang nasa byahe. Halatang binubuhay niya ang walang-buhay na sandali sa pagitan namin.

"No," matamlay na sagot nito.

"You haven't eaten anything yet today."

"I am not hungry."

"You're going to eat later, *arasseo*?"

Hindi na sumagot pa si Maxrill. Nanatili siyang nakatunghay sa bintana at walang emosyon na dinadaan ng tingin ang bawat punong madaanan namin. Ang mga kamay niya ay hindi mapakali at panay ang pagkutkot.

Maging sina Maxwell at Mokz ay tahimik lang. Ako naman ay ganoon din pero hindi ko maiwasang pagmasdan sila. Naninibago ako. Hindi ko matandaan kung kailan ko sila huling nakasabay na pumunta rito. Ngayon ko na nga lang uli nakasabay ang Chairman, iba pa ang sitwasyon niya.

Mahigit sa sampung beses ang bilang ng taong sumalubong sa 'min nang makarating kami sa palasyo. Ang lahat yata ng nakatira sa bayan na iyon ay sumadya para makita ang aking lolo. Lalong nanikip ang dibdib ko. Katulad

kasi kanina, matapos nilang tingnan ang kabaong ng Chairman ay nililingon nila ako. Kinukuwestyon ang responsibilidad ko sa pamilyang ito. Mababasa sa mga mata nilang hindi sila makapaniwalang humantong sa ganito ang buhay ni Chairman Moon.

Nanatili akong nakayuko. Kunot na kunot ang noo ko at parang sasabog ang ulo ko sa sobrang dami ng iniisip. May kaba sa dibdib ko pero hindi niyon magawang higitan ang galit na hanggang sa ngayon ay buhay na buhay sa puso ko.

"Pein." Natinag ako nang hawakan ni Maxwell ang kamay ko. ***"Gwaenchanna*?"** pangungumusta niya sa akin. Kunot na kunot din ang noo sa sobrang pag-aalala.

"*Ye*," pagsisinungaling ko.

Bumuntong-hininga siya, hindi naniwala sa isinagot ko. **"*Kopjeongma-hajima, naega yeogisseo*. I'm here for you. We're here for you. *Arasseo*?"** Kahit sinabi niyang 'wag akong mag-alala, hindi ko mapigilang maramdaman 'yon. Nasisiguro kong ako ang babatuhin ng mga kwestyon.

Maihahalintulad sa korte o hukuman ang palasyo ng parliyamento bagaman may malaking pagkakaiba. Isang malaking korte ang palasyo sa madaling salita. Isang malaki at pabilog na bulwagan. Maraming upuan at mahigit sa limanlibong tao ang kasya. Pataas ang bawat upuan, may labing-siyam na terasa kung saan maaaring punan ng mahahalagang tao. Sa pinakasentro at siya ring nasa gitnang harapan sa itaas ay naroon ang *centro* kung saan nakaupo ang apat na hukom.

Sa palasyo ng parliyamento inaanunsyo ang bawat batas at patakaran, maging ang mahahalagang tagubilin ng organisasyon. Doon din hinahatulan ang bawat nagkakasala. Bukod doon ay sa lugar din na iyon inilalagak ang huling sandali ng mahahalagang taong namayapa sa organisasyon namin. Kukunin sa namayapa ang *simbolo* ng pagiging mataas na myembro ng isang pamilya na nabibilang sa organisasyon. At tanging mga hukom lamang ang maaaring gumawa niyon.

Agad na nangibabaw ang nakabibinging bulungan nang makarating kami sa pinakaunahan, sa harap mismo ng *centro*. Nararamdaman ko ang napakaraming matang nakapako sa 'kin. Hindi ko na magawang mag-angat ng tingin dahil batid kong ako na ang pinag-uusapan.

"The Moon family has arrived." Inanunsyo ng pinakamataas na *rango* na lalaki ang pagdating namin gamit ang sarili naming salita. Sinuman ay hindi maaaring gumamit ng ibang lenggwahe sa buong bayan, lalo na kapag

nasa loob ng palasyo. Ang sinumang lumabag sa batas na iyon ay ipapatapon sa kabilang bansa.

Ilang saglit pa ay isa-isa nang lumabas sa *centro* ang apat na hukom dahilan para magsipagtayuan ang lahat.

Lalong napako ang paningin ko sa magkahawak kong kamay. Hindi ko magawang mag-angat ng tingin kaninuman. Noon lang nagsimulang tumindi ang kaba sa dibdib ko. Para akong masasamid hindi pa man ako nagtatangkang magsalita.

Nangibabaw ang katahimikan mayamaya. Nag-angat ako ng tingin at napagmasdan ko kung paanong titigan ng mga hukom ang kabaong ng lolo ko. Gusto kong maiyak. Noon ko na lang uli sila nakitang emosyonal bagaman walang sinasabi. Sa kabila ng matitigas nilang kalooban ay mararamdaman ang pagdadalamhati at lungkot sa sinapit ng Chairman.

"*Sesanghe*..." Sabay-sabay nilang bulong, ang dalawa sa apat ay natakpan pa ang sariling mga bibig.

"Open the coffin," anunsyo ng isa sa apat na babaeng hukom. Mabilis na kumilos ang walong *rango* at maingat na binuksan ang kabaong.

Agad na nangibabaw ang solemnong awit, walang liriko, mula sa mga korong nasa likuran ng *centro*. Pinupukaw ng mga humuhuning tinig ang damdamin ng bawat taong naro'n. Mabilis na umalulong ang iyakan ng mga tao na para bang kamag-anak silang lahat ng lolo ko. Hindi naman na lingid sa kaalaman ko kung gaano siyang inirerespeto ng mga tao rito. Hindi ko nga lang inaasahang ganito katindi ang pagmamahal nila sa kaniya.

Gano'n din kabilis na nanikip ang lalamunan ko. Agad na nangilid ang mga luha ko at ilang saglit pa ay isa na rin ako sa maraming umiiyak. Hanggang ngayon ay hindi ko magawang paniwalaan ang mga nangyayari. Napakabilis! Hindi magawang tanggapin ng sistema ko ang pagkawala ng Chairman. Hindi ko magawang lunukin ang katotohanang sa dami ng kaya kong gawin ay wala akong nagawa.

Pinakatitigan ng apat na hukom, maging ng mga taong naro'n, ang labi ni Chairman Moon. Kunot na kunot ang noo ng bawat isa. Kahit nakabalot ang katawan ni Chairman Moon ay batid kong alam nila ang pinagdaanan niya bagaman hindi ang buong pangyayari. Matapos ang sandaling pagmamasid ay sabay-sabay kaming pinayuko para sa mataimtim na panalangin.

"You may take your seats," muling anunsyo ng babaeng hukom matapos ang makabagbag-damdaming sandali.

"What happened?" tanong ng isa pa sa apat na babaeng hukom gamit pa rin ang aming salita.

Klinaro ni More ang lalamunan saka tumayo at nagsimulang magpaliwanag at maglahad ng pangyayari. Tahimik na nakinig ang mga hukom, hindi man lang magawang alisin ang paningin at atensyon kay daddy. Si More naman ay nananatiling nakatingin sa kung saan habang patuloy na inilalahad ang lahat ng nalalaman.

Palakas nang palakas ang pag-iyak ng karamihan habang dinidinig ang kwento. Lalo na nang marinig nila ang kalunos-lunos na sinapit ng Chairman. Ang isa sa mga hukom ay napabulong kung gaano siyang hindi makapaniwala sa dinanas ng aking lolo. Magkahalong panlulumo, awa at hinagpis naman ang naramdaman ng tatlo pa.

Halos beinte minutos ang itinagal bago nagawang tapusin ni More ang buong pangyayari. Walang nakapagsalita. Ang karamihan ay natahimik habang ang ilan ay patuloy pa rin sa pag-iyak. Narinig ko ang magkakasunod na pagbubuntong-hininga ng mga hukom. Pare-parehong hindi makapaniwala sa mga sinabi ni More.

"*Wae*...?" Nagsalita ang pinakamataas na hukom. Napakatindi ng emosyon sa tinig niya. Para bang anumang oras ay maluluha na naman siya. **"*Wae amugeotdo anhaesseo*, Maxpein Zin?"**

Nanindig ang mga balahibo ko, awtomatikong umangat ang paningin ko nang kuwestyonin ako ng pinakamataas na hukom kung bakit wala akong ginawa.

"*Wae*?" mariin muling pangunguwestiyon niya, pinangingiliran ng luha ang mga mata. **"Why didn't you do something to save him?"**

Mabilis na kumalat ang luha sa mga mata ko. Kumibot-kibot ang labi ko. Inaasahan ko naman na ito pero gano'n pa rin ang gulat ko. Napatitig ako sa hukom pero hindi ko nagawang magsalita. Huminto sa pagtulo ang mga luha ko pero nananatiling malabo ang paningin ko. Walang masambit ni isang salita ang bibig ko. Parang may nakabara sa aking lalamunan. Hindi ko alam kung ano ang sasabihin.

"You are more than capable of doing things, Maxpein Zin, because if you weren't, you'd be dead. It is your duty to protect your family, Maxpein Zin," patuloy niya. Nagbaba ako ng tingin. **"What happened? Have you forgotten all your obligations and responsibilities in this family?"** mariing dagdag tanong ng hukom. Kumuyom ang mga palad ko.

Dumaragdag sa kaba ko ang mabagal na pananalita at malalim na tono ng babaeng hukom na iyon. Bukod doon ay naro'n ang diin sa pananalita niya, pilit na ibinabaon sa 'kin ang punto ng kaniyang sinasabi.

"Maxpein Zin?" muli akong tinawag ng ikalawang hukom pero hindi ko na nagawang makapagsalita pa.

"You swore in front of this country that you will protect your family by all means—most especially the Chairman—your Chairman!" Mas dumiin pa ang pananalita ng pinakamataas dahilan para lalong bumuhos ang luha ko.

Bigla akong nakaramdam ng galit at bukod doon ay awa para sa sarili ko. Nararamdaman ko na ngayon ang sisi sa akin bagaman hindi nila iyon deretsong sinasabi.

"I failed," garalgal ang tinig na sagot ko.

Bigla kong naramdaman ang paghawak ni Maxwell sa kamay ko. Lalo akong naluha.

"I had a duty to protect this family and I failed." Pakiramdam ko ay ako ang pinakamahinang tao sa sandaling iyon. Pinanghihina ako ng takot sa puso at isip ko.

Napabuntong-hininga nang mahaba ang apat na hukom at nagsipaglingunan sa isa't isa. Sabay-sabay silang napailing saka ako nilingon. Doon ko naramdaman ang pagkadismaya nila sa akin.

"What will happen to your family, then?" tanong ng ikatlong hukom pero hindi ko pa rin nagawang makapagsalita.

Alam ko na ang kung ano ang ibig nilang sabihin sa mga tanong na iyon. Hindi pwedeng walang Chairman ang isang pamilya. Mawawalan ng saysay ang buhay ng isang gaya ko. Walang pakinabang ang pag-aaral nang mabuti ni Maxwell bagaman walang magbabago sa katayuan ni Maxrill.

"You are the first person to fail to do your duty, what will be your legacy, Maxpein Zin?" naghahamong tanong ng unang hukom. Nag-angat ako ng tingin ngunit hindi ko nagawang magsalita. Wala akong nagawa kundi ang lumuha nang lumuha.

Agad na tumayo si More para humalili, hindi siya nakatiis. Siya ang nagsalita para sa akin. Ang pandinig ko ay pinuno ng matitining na ingay. Sa pamamagitan ng isip ko ay napunta ako sa lugar kung saan ako madalas magtago. Sa lugar kung saan ako lang ang nakakakita gamit ang isip ko.

"What are your plans, Maxpein Zin?" Muli akong natinag nang tanungin ako ng ikaapat na hukom. **"What are you planning to do?"**

"I want to kill them," wala sa sariling sagot ko.

Nanlaki ang mga mata ng apat na hukom na babae, maging ng mga naro'n na nakaring sa sinabi ko. Mabilis na nangibabaw ang bulungan na unti-unti ring lumalakas.

Agad na sumenyas ang pinakamataas na hukom, gano'n kabilis ding natahimik ang palasyo.

"I never expected you to say something like that in front of your Chairman, Maxpein Moon, in this kind of situation," may gigil sa tinig ng pinakamataas na hukom, agad akong natigilan at hindi na naman nakapagsalita.

"Forgive my daughter for her incautious acts and impolitic words," nakayukong sabi ni More.

Ngunit hindi man lang siya tinapunan ng tingin ng hukom. Nananatili sa akin ang mga paningin nila.

"You have all the power to do whatever you please, Maxpein Zin. You possess the highest and excellent capabilities among everyone. But there are *laws* that must remain inside your heart and mind. You can pick someone to kill but you must let us know what you'd do and your reasoning. The law must be clear; you know what will happen to you." Tumayo na ang pinakamataas na hukom na siyang naging hudyat para sumunod ang tatlo pa.

Mayamaya lang ay bumaba sila at lumapit sa kabaong ng Chairman para kunin ang simbolo at upang sila mismo ang magsara sa kabaong. Kumilos ang apat na *rango* saka lumapit sa Chairman. Maayos na tinanggal ang pagkakabalot sa bandang tagiliran kung saan matatagpuan ang kamay. Nagtinginan ang apat na hukom, nag-usal ng ilang salita saka nagsipagyukuhan kasama ang buong katawan. Ang pinakamataas na hukom ang kumuha sa singsing, na siya ring simbolo, sa daliri ni Chairman.

Muling nangibabaw ang solemnong awitin. Matapos ang ilang salitaan ng apat na hukom ay sabay-sabay nilang isinara ang kabaong. Sa pangunguna ng pinakamataas ay magkakasunod silang naglakad patungo sa tore. Nasa ibaba iyon ng *centro*. Doon inilalagak ang simbolo ng Chairman ng bawat pamilya. Nakalagay sa kwadradong salamin, nakapatong sa asul na asul na unan at kahit madilim ay may sariling liwanag.

"My condolences." Natinag ako sa paglapit sa 'kin ng isang *ranke*, babaeng tulad ko na magaling sa pisikal na laban.

"Laieema," hinarap ko siya.

Nilingon niya ang Chairman saka muling tumingin sa 'kin. **"I'm not sure if I'm disappointed but I did not expect this, Maxpein. No one does."** Tumatango-tango niya 'yong sinabi, pilit na ipinaiintindi sa 'kin. **"What are you going to do now that you're useless?"**

Nagtiim ang bagang ko saka ako napatitig nang todo sa kaniya. Pero hindi ko nagawang sumagot. Mas mababa siya kompara sa 'kin at wala pa sa kalahati ng lakas ko ang kakayahan niya. Pero ang huling salitang binitiwan niya ay parang bomba na sumabog sa dibdib ko. Mabilis niyong pinanghina ang loob ko at tinunaw ang matigas kong damdamin. Nasaktan ako sa sinabi niya.

Hindi ko na siya nagawang habulin ng tingin nang talikuran niya ako. Naiwan ang paningin ko sa kaninang kinatatayuan ni Laieema.

Sa hindi inaasahan ay inanunsyo ng ikaapat na hukom ang pagtatapos ng seremonyas. Iyon na ang hudyat na maaari na kaming umalis at ipa-cremate ang Chairman. Wala sinumang pwedeng sumama sa amin maliban sa ilang *rango* na maaaring tumulong.

Matapos i-cremate ang labi ni Chairman ay dumeretso kami sa lugar kung saan ang malaking parte ng lupain ay pag-aari namin. Sa dagat na naroon din sa lugar ibinuhos ang abo ng namayapa kong lola, asawa ng Chairman. Sa lugar din na iyon namin ibubuhos ang abo ni Chairman Moon ngayon.

Wala nang umiiyak sa sandaling iyon, tahimik kaming lahat. Si daddy ang may hawak sa abo, siya rin ang magsasaboy. Kaming tatlong magkakapatid at si Mokz naman ay nakatanaw lang sa tubig bitbit ang kani-kaniyang mga bulaklak.

Nang sa wakas ay narating namin ang parte ng dagat kung saan ibubuhos ang abo ng Chairman ay saka muli kami naging emosyonal. Hindi man luhaan gaya ng mga nakaraang sandali, naroon sa 'min ang kalungkutan sa katotohanang wala na siya at hindi na namin muling makakasama.

Mas matinding kakulangan na ang naramdaman ko hanggang sa makauwi kami sa bahay. Ni hindi ko nagawang makipag-usap nang matagal sa kanila. Hindi rin ako sumabay kumain, wala akong gana. Nagkulong lang ako sa kwarto magdamag at pilit na pinahihinto ang sarili sa malalim na pag-iisip.

KINABUKASAN ay maaga akong bumangon at naligo. Nagpaalam ako sa mga *rango* na nakatalagang magbantay sa 'min. Dumeretso ako sa city kung saan madalas akong maglakad noon para libangin ang sarili ko. Hindi

naman ako nabigo dahil ako pa lang ang taong naglalakad sa buong lugar na naaabot ng mata ko.

Pero sa kabila ng napakagagandang tanawin ay wala akong makitang bagay na makapagpapabuhay sa saya na dating nasa puso ko. Anumang tingnan ko ngayon ay nagdudulot pa rin ng lungkot sa puso't isip ko. Pero naisip kong kailangan kong gawin ito para kalmahin ang aking sarili. Kung hindi ay baka mapanindigan ko ang sinabi ko sa mga hukom.

Naglakad ako nang naglakad, hindi ako makaramdam ng pagod. Dumaan ang minuto at oras, unti-unting dumarami ang taong nakikita at nakakasalubong ko. Dahil sa cap na suot ko ay hindi ako nakilala agad ng mga tao. Nagpatuloy lang ako sa mabagal na paglalakad hanggang sa marating ko ang parke. Doon ko lang naramdaman ang pagod, doon ko lang nabatid kung gaano kalayo ang nilakad ko. Naupo ako sa harap ng iba't ibang uri ng punong bagong sibol ang mga dahon. The warm weather caused the trees and grass to bud beautifully. Locals spend most of the time outdoors kaya hindi na kataka-taka ang bilang ng taong naroon ngayon bukod sa akin.

Ipinatong ko ang pareho kong palad sa likurang bahagi ng sementong upuan kinauupuan ko. Saka ako tumingala sa pink na pink na cherry blossoms. Gusto kong maluha nang muli kong makita ang mukha ni Chairman, nakangiting nakatunghay sa 'kin. Napapikit ako nang maramdaman ko ang lungkot sa puso ko.

Pakiramdam ko ay kulang na kulang na ang buhay ko. Inulit ko ang tanong ng hukom sa akin sa isip ko.

Ano na ang mangyayari sa pamilya namin?

Nangunot ang noo ko. Ang lungkot sa mga mata ko ay parang nakikita ko gamit din ang sarili kong paningin. Wala man lang nagbabago sa pakiramdam ko. Kulang na kulang at hindi na muling mabubuo pa.

"Inaasahan ko nang makikita kita rito." Hindi ko inaasahan ang paglapit ni More.

Gulat akong napaayos ng upo at nilingon siya. **"Dad."**

Nakangiti siyang tumingin sa akin at saka naupo sa tabi ko. Gumaya siya sa posisyon ko, tiningala rin ang mga puno. Lumawak ang pagkakangiti niya saka pumikit. Nandoon na ang lungkot sa kaniyang mga mata nang magmulat siya at tumingin sa akin.

Nagkatitigan kami. Nakangiti siya habang ang mukha ko ay walang emosyon. Ang lungkot ay parehong naro'n sa mga mata namin.

"Nagawa ng Chairman ang lahat ng bagay na gusto niya bago siya namayapa, nasisiguro kong masaya siyang umalis." Hindi ko alam kung paanong nasabi iyon nang masigla ni More habang nararamdaman ko ang lungkot niya.

Hindi ko nagawang sumagot agad. **"When will it be over?"** tanong ko mayamaya habang nakatingalang muli sa mga punong pawang mga nakatunghay ang sanga sa akin. **"Our pain, sadness and loneliness, when will it be over, More?"** paglilinaw ko sa tanong.

Nadinig ko siyang bumuntong-hininga. **"It will remain but we must go on, Maxpein."**

Namasa na naman ang mga mata ko. *Hindi ko maintindihan. Masakit para sa akin na kailangan kong magpatuloy mabuhay nang wala ang Chairman.*

"I was very busy with my life when he was still here. We never had the chance to talk often. There were days when we don't even see each other at home. Now that he's gone, I see him everywhere." Napapikit ako matapos sabihin 'yon, doon magkasunod na luha ang tumulo mula sa mga mata ko.

Kahit kailan ay hindi ko naisip na panghihinayangan ko ang mga sandaling sinayang ko. Na malalaman ko lang ang halaga ng oras na 'yon nang mawala si Chairman.

"Hindi ko matanggap na sa kakayahang kong 'to ay nawalan ako ng silbi nang sandaling 'yon..." Umiling ako nang umiling at muling umiyak. **"Wala akong nagawa."**

Hinawakan niya ang kanang balikat ko, hinaplos 'yon para aluin ako. **"Pero alam mo bang kontento ako sa lahat nang nagawa mo?"**

"Dad..."

"Dahil hindi ako handang mawalan ng anak na gaya mo." Namasa ang mga mata niya. **"Hindi ko kaya. Hindi ko kakayaning magsalita nang ganito, hindi ko kakayaning tumayo, kung ikaw ang nawala sa 'kin, Maxpein."**

Mabilis na tumulo ang malalaking patak ng luha mula sa mga mata ko. Nag-iwas ako ng tingin saka pinahid ang mga 'yon.

"I know it was very hard for you. Pero sa t'wing iisipin ko na heto ka at nananatili sa tabi ko, nakikita ko at nakakasama, masaya ako. You want to know why? Dahil sa kabila ng galit mo ay ang batas pa rin ang sinusunod mo. At ginagawa mo iyon para sa Chairman, Maxpein."

"Gusto kong kalimutan ang batas at balikan sila." Nagtiim na ang bagang ko, nahinto ako sa pag-iyak. **"Gusto kong iparamdam sa kanila ang sakit na ipinaramdam nila sa atin,"** mariing kong sabi.

Hinawakan ni More ang kamay ko, dalawang beses na pinisil iyon bago muling tumingin sa akin. **"Hindi magugustuhan ng Chairman kung may pinaplano kang masamang gawain. Hayaan mong ang batas ang maningil sa kanila, Maxpein Zin. Huwag mong dungisan ang mga kamay mo."**

Hindi madali ang maging isang tulad ko. Obligasyon kong proteksyonan ang pamilya ko sa pinakaligtas na paraan. Iyong paraan na wala akong masyadong masasaktan. Sa paraang wala akong mapapatay.

Madali sana kung ang lahat ng magtangkang manakit sa 'kin ay pwede ko ring gantihan gamit ang kaparehong sakit. Pero hindi gano'n iyon. Hindi ganoon ang patakaran sa loob ng organisasyon.

"People are meant to die, Maxpein Zin, because God planned everything. It is His plan to take Chairman Moon's life."

"The Rewis took his life, dad," mariing giit ko. **"They killed him."**

Ngumiti siya saka umiling. Hinawakan niya ako sa balikat saka muling nagsalita, **"Ginamit lang ng Diyos ang mga Rewis para sa mga plano Niya, Maxpein Zin. Iyon lang ang dapat mong isipin."**

Napatitig ako sa kaniya, ang galit kong mga mata ay hindi mabalik sa normal nitong hitsura. Naiintindihan ko siya, gano'n din akong mag-isip...noon. Hindi ko magawang isipin ang mga gano'ng bagay ngayon. Napupuno ako ng galit.

"Look at this," mayamaya ay sabi niya para mabasag ang matagal na katahimikan sa pagitan namin.

Hindi agad ako nakakilos. Matagal bago ako nagbaba ng tingin sa nais niyang ipakita. At gano'n na lang ang panlalaki ng mga mata ko, gano'n na lang ang gulat ko matapos makitang suot niya ang simbolo. Nakamaang akong napatingin kay daddy, bagaman nakangiti siya ay hindi ko magawang gumanti. Nanatili akong gulat, napapailing, nagtatanong ang mga tingin sa kaniya.

Napahalakhak siya. **"Ipinatawag kaming dalawa ni Mokz ng hukom kaninang umaga. Hinahanap ka nila pero hindi ka namin makita."** Nakangiti niyang tinitigan ang simbolo na naro'n sa kaniyang kanang palasingsingan.

"Pero..." Hindi pa rin ako makapaniwala. Nananatili akong nakatitig doon bago nag-angat ng tingin sa kaniya. **"Hindi ka pa pwedeng maging Chairman."**

Lalo siyang natawa. **"Oo, hindi pa. Hangga't hindi ka pa nag-aasawa. At hangga't hindi mo ako nabibigyan ng apo."**

Natigilan ako sa sinabi niya, napatitig ako sa mga mata niya. Matagal bago ko nagawang tumugon, **"Tss,"** nag-iwas ako ng tingin dahilan para mas lumakas pa ang pagtawa niya.

"Si Mokz ang tatayong Chairman," anunsyo niya dahilan para muli ko siyang lingunin. **"Siya ang mauupong Chairman."**

"Posible ba 'yon?" nagtataka kong tanong. **"Hindi siya tunay na Moon at naging Moon lang siya dahil asawa mo ang anak niya."**

"Pansamantala lang naman dahil hindi pa ako maaaring maupo bilang Chairman. Masyado pa akong gwapo at mukhang binata dahil batang-bata."

"Tss." Muli akong nag-iwas ng tingin. Doon ko napansin ang mga taong nagkumpulan at pawang mga nakatingin sa amin. Agad silang nagsipagtanguhan matapos akong makitang nakatingin.

"Ayaw mo bang maupo siyang Chairman?"

Napabuntong-hininga ako. **"Hindi pa ako handang palitan ang Chairman sa puso ko. Pero masaya ako..."** Sa kabila ng sinabi ko ay nangilid ang mga luha ko. **"Masaya ako dahil hindi mawawalan ng saysay ang buhay ko. May silbi pa rin ako."**

"Maxpein..."

Pinilit kong ngumiti bago tumingin sa kaniya. **"Ayos lang. Inaasahan ko na rin namang si Mokz ang mauupo kaya nga siya sumama dito."**

"Kailangan mong manumpa sa hukom."

"Nagawa ko na 'yon noon at wala na akong balak na ulitin."

"Maxpein?"

"Nanumpa na ako noon, dad."

"Pero kailangan mo iyong ulitin ayon sa batas--"

"Hindi ko nakakalimutan anumang sinumpaan ko noon, dad. Nananatili ang mga 'yon sa isip ko, nasa puso ang pagsunod ko. Hindi ko na uulitin ang panunumpa."

"Maxpein?" Kunot-noo siyang tumayo saka namaywang sa harap ko. Tiningnan niya ako na para bang gusto niya akong sigawan. Nakapikit siyang bumuntong-hininga. **"I am your father and you have to obey me."**

Ngumiwi ako saka tumayo. **"I am your daughter, you have to understand me."** Saka ako ngumisi.

"Maxpein!" galit-galitan niyang tawag.

Hindi na ako nagsalita, sa halip ay binigyan ko siya ng uri ng tingin nang nagmamatigas. Nauna akong tumayo at naghahabol naman siyang sumunod. Panay ang pagtawag ni daddy pero tatawa-tawa lang akong nauna.

Ayoko nang manumpa. Kaya kong kumilos nang walang binibitiwang salita. Gagawin ko ang obligasyon ko nang hindi nangangako sa madla dahil ayaw ko nang mapahiya.

Magkasunod kaming naglakad-lakad ni More. Ni isa sa 'min ay hindi na nagsalita. Pareho naming pinagmasdan ang kagandahan at ilang mga pagbabago sa bayan namin. Nanood din kami sandali sa mga mananayaw na nakagawian nang magsayaw sa harap ng parke bilang libangan. Nang maramdaman namin ang init ng sikat ng araw, doon lang kami natinag at nagdesisyong bumalik sa bahay.

"*Jamkkan,*" pigil sa 'kin ni More sa gitna ng paglalakad namin pabalik. **"Maze is calling."**

Tinanguan ko siya saka pinanood ang bahagyang paglayo niya sa 'kin. Napailing ako nang nakangiti at buong-giliw niyang sagutin ang tawag ng asawa niya. Napapahawak pa siya sa labi na para bang mapipigilan niyang ngumiti sa gano'ng lagay.

Patay na patay. Tss.

Nakapamulsa kong inilinga ang paningin ko sa paligid. May kalayuan pa ang lalakarin namin.

Maraming street vendors sa lugar na 'yon na hinintuan namin. Kasalukuyan palang silang nag-aayos ng mga paninda dahil maaga pa. Ang karamihan ay napatingin at awtomatikong napatango sa akin, tila nagulat pa na makita ako sa gano'ng lugar. Ugali kong maglakad-lakad noon dito, pero hindi ako nananatili sa lugar na matao.

Hindi ko inaasahang mapapangiti ako sa isang matanda, hindi ko napigilang alalahanin ang matandang nakausap ko nang nakaraang gabi lang. Ngumiti rin ito nang maganda sa 'kin saka bumalik sa pagtatrabaho. Makikita ang kakaibang sigla sa kaniya matapos kong makipagpalitan ng pagbati sa kaniya.

Muli akong luminga at naglakad-lakad hanggang sa mapansin ko ang isa pang matandang tindera. Nakapatong sa piraso ng parihabang kahon ang

mga paninda niya. Pinaiilaliman naman iyon ng tiggalawang magkakapatong na kwadradong basket. Isa siya ro'n sa mga hindi napansin ang presensya ko. Paano'y tatango-tango siya sa pagtulog habang nakaupo sa maliit na bangkito. Siya marahil ang pinakamaagang dumating sa lahat ng street vendors na naro'n ngayon.

Nakapamulsa akong naglakad papalapit sa kaniya. Hindi siya nagigising kahit na tumunghay pa ako sa mga paninda niya. Panay ang pagbagsak ng ulo niya sa sobrang antok. Naagaw ko ang atensyon ng lahat sa ginawa kong paglapit sa matandang iyon. Lahat ay pinapanood kung ano ang gagawin ko.

Tiningnan ko ang mga paninda ng matanda. Pawang mga keychains iyon na magkakapares. Isang para sa babae at isang para sa lalaki. Para sa magnobyo at magnobya sa madaling salita. Iba't iba at maraming klase.

Nakangiwi kong pinasadahan ng tingin isa-isa ang kaniyang paninda hanggang sa mapako ang isang pares ang paningin ko. Napailing ako nang bigla ay pumasok sa isip ko si Sensui nang dahil keychains na iyon kung saan ang isa ay puso habang ang isa pa ay palaso na may hitsurang susi. Kahit pigilan ko ay napangiti ako nang matunog saka ako napailing. Hindi ko maiwasang maisip na ang susi ay pana ni kupido habang ang puso ay pag-aari ni Sensui.

Lumilipad kaya ang pusong 'to? Tss. **"*Annyeonghaseyo*!"** sinadya kong lakasan ang pagbati para magising ang tindera.

Aligaga itong nagmulat at umayos ng upo. **"*Annyeo*—"** Nagulat siya at hindi na nagawang tapusin ang pagbati matapos akong makita.

Ngumiti ako. **"How much is this one?"** tanong ko sa sarili naming lenggwahe.

Napamaang ang matandang tindera at hindi nagawang tumugon agad. Napailing pa siya, tila ginigising ang sarili bago nagawang sumagot. **"*Ye*! *Ye*! *Annyeonghaseyo*! ₩50,000."** Sinunod-sunod niya ang pagtango matapos sabihin iyon.

Nakangiti akong tumango saka kinuha ang nagustuhan kong pares saka inabot ang sobrang halaga sa kaniya. Anang matanda ay doon lang sa Korea mabibili ang bagay na iyon. Napabuntong-hininga pa ako matapos muling tingnan ang keychains saka ko iyon ibinulsa. Tinanguan ko siya nang bahagya bago tuluyang tinalikuran. Narinig ko pa ang matandang halos sumigaw sa tuwa. Ipinagsasabi niya nang may pagmamalaki sa mga naro'n na bumili ako sa kaniya na para bang walang nakakita sa aming dalawa.

Eksaktong tapos na sa pakikipag-usap si More nang malingunan ko kaya matapos ngitiang muli ang tindera ay sumabay na ako sa kanya. Nagsipaghintuan sa paglalakad at pagkilos ang bawat tao na makakita sa 'min saka sabay-sabay na nagsipagyukuhan hanggang sa makalampas kami.

Hindi ko maiwasang mapangiti nang maisip ko ang tungkol sa pares ng keychains na ngayon ay nasa loob na ng bulsa ko pero nananatili kong hawak. Pakiramdam ko ay naririnig ko ang boses ni Sensui na paulit-ulit na nagsasabi kung paano lumilipad ang mga puso niyang napakarami.

Napakarami pang nangyari nang araw na iyon. Nagawa kong ngumiti pero hindi mawala-wala ang galit at sakit na nararamdaman ko sa puso ko.

TANGHALI na nang makabalik kami sa Laguna. 'Ayun na naman ang kakaibang pakiramdam. Sa bawat pag-ihip ng malamig na hangin ay parang gusto kong maiyak. Sa kabila kasi ng matinding sikat ng araw ay napakalamig ng klima, nakakapanibago. Pakiramdam ko tuloy ay dulot ni Chairman Moon iyon.

"Welcome back," si Heurt ang agad na bumungad sa 'kin.

Hindi ko magawang gantihan ang magandang ngiti niya. At hindi ko alam kung kailan ko magagawnag ngumiti uli nang natural, iyong hindi pilit. Napabuntong-hininga siya matapos akong pasadahan ng tingin.

"Bumagsak ang timbang mo, may batas din ba kayo ukol sa tamang pagkain?" sinubukan niyang magbiro.

"Tss." Hindi ko iyon nagawang sakyan kaya dumeretso na lang ako papasok.

"Magandang tanghali, hija," bungad sa 'kin ni Manang. **"Nakahanda na ang mesa. Sabay-sabay na kayong kumain."**

Nginitian ko lang siya at tinanguan. Saka ako naupo sa sofa habang nakapandekuwatro at nakalapat sa likuran ng upuan ang parehong braso ko. Sinalubong naman ni Manang sina Maxrill at Maxwell na kasunod sina More at Mokz. Sinubukan niyang tulungan sa bitbit ang mga ito pero tumanggi ang mga lalaki. Sandali silang nakipagbatian hanggang sa isa-isang magsipagbabaan ang mga Enrile at Echavez. Si Maze ay nananatiling nasa pasilyo at malungkot na nakatunghay sa 'min. Nakaitim na dress, magkakrus ang braso at deretsong nakatitig sa akin.

"Bakit?" deretsong tanong ko sa kaniya.

Bumuntong-hininga siya ngunit hindi sumagot. Magkakrus ang braso niya nang bumaba sa hagdan. Agad naman siyang sinalubong ni More ng yakap at halik kaya nakangiwi akong nag-iwas ng tingin. Tumabi sa 'kin si

Maxwell saka ako binigyan ng napakatamis na ngiti. Nilingon ko siya pero agad din akong nag-iwas ng tingin.

"How are you feeling?" tanong niya.

Bumuntong-hininga ako. **"I'm cool."**

Ngumiti siya. **"You should be."**

"Say hello to everyone, baby," nangibabaw ang tinig ni Randall na noon ay pababa pa lang din ng hagdan karga ang anak niya kasabay si Dein.

"Hello, little boy," nginisihan ko ang baby, tumayo ako at hinubad ang suot kong coat. **"Magpapalit lang ako,"** sabi ko saka umakyat sa 'taas.

Namulsa ako at muling kinapa ang maliliit na bagay na hindi ko inaalis doon, at ni hindi ko mabitiwan habang nasa byahe. Nilingon ko ang mga kwarto nang nakataas ang kilay. Masyadong maraming tao ngayon dito sa mansyon at hindi ko alam kung alin sa mga kwarto ang kinaroroonan ni Sensui. Eksaktong babaling ako sa unang kwartong dinapuan ng mata ko nang bumukas iyon at ibuwal ang magkapatid na Naih at Yaz.

"Max!" agad na tumakbo si Naih papalapit at yumakap sa 'kin. **"Grabe, na-miss kita!"**

"Nagsepilyo ka na ba?" nagpumiglas ako pakalas sa yakap niya.

"Oo naman, 'no! Grabe 'to!" Lalo niya lang hinigpitan ang pagkakayakap sa 'kin. **"Na-miss talaga kita, Max!"**

"Teka, hindi ako makahinga!"

"Baka masikip 'yong bra mo?"

"Tsk, alis nga!"

"Ano, kumusta ka?" lumamlam ang mga mata niya.

"Ayos naman."

"Sana nga ay okay ka." Hindi niya naitago ang pag-aalala sa magiliw niyang tono.

"Nasa'n si Sensui?" tanong ko matapos sulyapan ang nakangiting si Yaz.

"Nasa kwarto mo," nakangising sabi ni Naih. Tumaas lang ang kilay ko. **"Puntahan mo na dahil 'yong puso niya ay durog na durog na at nagkalat sa buong mansyon. Psh. Kaunting hintay pa, baka mapino na 'yon!"**

"Hello, Maxwell!" magiliw na pagbati ni Yaz.

Nilingon ko ang kapatid ko at nakita ko kung paano niya lang tinapunan ng tingin si Yaz. **"Hello, RD."** Ang bata ang binati niya. **"Have you been well?"**

"He can roll now, unbelievable," sagot ni Randall, nagmamalaki ang tinig. **"Nagmana talaga sa 'kin ang anak ko, bata pa lang ay talented na ako. At mukhang gano'n din si RD, Maxwell."**

"Yeah? My first stand up attempt was a disaster, E. Mind you I was only ten months old at that time."

"I bet you're okay now," ngumisi si Randall. Nagkibit-balikat lang si Maxwell. Wala ni isa sa 'min ang nakakuha sa biruan nila.

Tinapik ko si Naih saka ko isinenyas ang gawi ng kwarto kung nasaan si Sensui. Tinanguan niya lang ako bago ako naglakad patungo ro'n.

Hindi na ako nag-abalang kumatok, hindi pa siya lumalabas kaya paniguradong tulog pa siya. At hindi nga ako nagkamali. Nang buksan ko ang pinto ay 'ayun siya, nakadapa sa pagkakahiga. Yakap ang unang kinapapatungan ng ulo niya.

Tahimik akong naglakad papalapit, hindi ko inaalis ang paningin sa mukha niya. Noon ko lang siya nakitang kunot-noong matulog, na para bang nahihirapan siyang maintindihan ang mga bagay-bagay hanggang sa panaginip. Maingat akong sumampa sa kama at tinunghayan siya. Inayos ko ang ilang hibla ng buhok na nakaharang sa noo niya.

Kumilos siya at mukhang naramdaman ang presensya ko. Nagmulat siya ng mga mata at dahan-dahang tumingin sa 'kin.

"Babe..." Sa pagkakabulong niya ay parang ayaw niya pang paniwalaang nasa harap kami ng isa't isa.

Hindi ko nagawang tumugon agad. Gaya niya ay tumitig ako sa kaniyang mga mata. Hindi ko alam kung gaano katagal, parang nagpapaulit-ulit ang segundo na animong kadadapo lang sa kaniya ng mga mata ko. Hindi ko maintindihan ang sistema ko, may kung anong gumagalaw sa loob ko habang nakalapat ang mga mata namin sa isa't isa.

Napangiti ako, hindi ko napigilan iyon bagaman sinubukan ko. **"Hi."**

Kinusot niya ang mata, para bang inaalam kung nananaginip lang siya. **"Hi."**

Matagal ulit akong napatitig sa kaniya. Paulit-ulit kong pinag-aaralan ang bawat kanto ng kaniyang mukha. *Saulo ko naman na ang mukha mo pero ang sarap sa pakiramdam kapag nakikita kita.* **"I love you,"** wala sa sariling sabi ko.

Bahagyang nanlaki ang mga mata niya, hindi inaasahan ang sinabi ko. **"I love you...more, babe."**

'Ayun na naman ang pagpipigil niya ng ngiti. Sa isip ko ay hinihiling kong wala naman sana siyang naiisip na kung ano-ano na namang kalokohan.

"Nakauwi ka na pala?" aniya saka bumangon. **"Dito ako natulog sa kwarto mo."**

"Nakikita ko nga." Hindi ko magawang alisin ang paningin ko sa kaniya. *Parang tatlong taon ang lumipas nang hindi kita nakikita, Sensui, paano mo nagagawa sa 'kin 'yon?*

Hindi agad siya nakapagsalita. Naupo siya at deretsong tumingin sa 'kin. Para bang pinakikiramdaman niya ang lagay ko. Inaalam niya kung ano ang nararamdaman ko. At kahit mukhang gusto niyang magtanong ay hindi niya magawa.

"Mag-ayos ka na, kakain na tayo," pilit ang ngiting sabi ko saka ako tumayo pero pinigilan niya ako sa braso. Nilingon ko siya. **"Bakit?"**

Sandaling katahimikan ang namagitan sa 'min. **"Galit ka ba sa 'kin, babe?"**

Hindi ko nagawang sumagot agad. **"Bakit mo naitanong?"**

Napabuntong-hininga siya, nag-iwas ng tingin saka nagsalita. **"Sorry kung hindi ko nagawang makapagsalita agad. Sorry kung nakalimutan ko, Taguro. Hindi ko naman 'yon sinasadya, maniwala ka sa 'kin."**

"Tapos na ang lahat. 'Wag mo nang banggitin pa 'yon."

"Hindi ka galit?"

"Galit."

"Sa akin?"

"Sa lahat."

"Babe..." Nagsisimula na namang humaba ang nguso niya.

Bumuntong-hininga ulit ako. **"Bumangon ka na diyan at kakain na tayo."**

"Galit ka sa 'kin, eh, paano ako makakakain?"

"Makakanguya ka naman kahit galit ako. Bumangon ka na diyan."

"Nakaupo na ako, Taguro."

"Tumayo ka na kung gano'n, Sensui."

"Nahihirapan akong kumilos, galit ka kasi sa 'kin, babe."

"Hindi naman mawawala ang galit ko nang gano'n kabilis, Sensui."

Bumuntong-hininga siya. **"Sorry na, Taguro."**

"'Wag mo na sabing banggitin 'yon." Nagtiim ang bagang ko.

Napailag siya na para bang may gagawin akong masama sa kaniya. **"Sorry."** Muli siyang bumuntong-hininga. **"Sige, kikilos na ako."**

"Bilisan mo."

"Katatayo ko pa lang, babe, eh," tuluyan na siyang ngumuso.

"Mas bilisan mo pa, dahil may pasalubong ako sa 'yo."

Nanlaki ang mata niya. **"Nasa'n?"**

"Kumilos ka na muna."

"Gusto ko nang makuha." Hindi niya na mapigilang ngumiti, parang batang atat na atat makuha ang pasalubong niya.

"Mamaya na."

"Hahalikan mo 'ko sa harap nila?"

Nangunot agad ang noo ko. **"Anong hahalikan?"**

Ngumuso siya. **"Tch. Akala ko naman ay iyon na ang pasalubong mo."**

Inis akong nag-iwas ng tingin bago muling tumingin sa kaniya. **"Mamatay ka sa gutom kung ayaw mong kumain."** Saka ko siya inis na tinalikuran.

"Hindi mo na 'ko mahal."

Natigilan ako sa pagpihit ng saradura, muli ko siyang nilingon. **"'Wag mo nga 'kong birahan sa ganiyang drama mo ngayon, Sensui? Hindi pa maayos ang lagay ko."**

Ngumuso siya bago ngumisi. **"Pero 'yong sinabi mo kanina, totoo 'yon, 'di ba? Na-miss mo ba 'ko, babe? Miss na miss mo siguro 'ko, 'no? Hehehe. May pasalubong ka pa, ah? May gusto ka talaga sa 'kin, eh, nararamdaman ko. Hindi ka nawala sa isip ko, babe. Ikaw ang lagi kong iniisip, mula no'ng umalis ka, hanggang no'ng hinihintay kita, pati kanina, babe. Bago ako matulog, ikaw iniisip ko."**

Tss. Bading. **"Kumilos ka na d'yan. Kapag hindi ka lumabas sa loob ng isang minuto ay 'wag kang kumain sa buong maghapon."**

"'Eto na!" dali-dali siyang tumayo at patakbong nagtungo sa banyo.

Napailing ako saka ako dumeretso sa cabinet para magpalit ng damit. Pero nang akma na akong maghuhubad ay bigla na namang nangibabaw ang boses ni Sensui.

"'Di ba may kiss pa rin ako mamaya, babe?" pahabol niya, dahilan para maitapis ko ang hawak kong damit sa balat kong nakalabas.

"Kumilos ka na."

"Meron, 'di ba?"

"Bilisan mo nang kumilos."

"Pero meron, 'di ba, babe?"

"Oo na!"

"Yes!"

Nagmadali siyang pumasok sa banyo, nagpatuloy naman ako sa ginawa ko. Iiling-iling akong nagbihis at nang matapos ay pinasadahan ko ng tingin ang buong kwarto. Malamig pa rin ang pakiramdam. Wala na ang dating init.

Inilabas ko mula sa bulsa ang regalo ko kay Sensui, awtomatiko akong napangiti. Napabaling ako paharap sa pinto ng banyo at tumitig doon. Nang mainip ako sa paglabas niya ay humakbang ako papalapit at inihawak ang magkabila kong kamay sa pader sa magkabilang gilid ng pintuan. Hindi ko maintindihan kung bakit pakiramdam ko ay kailangan ko siyang hintaying makalabas.

Gaya nang inaasahan ko ay nagulat siyang makita ako paglabas ng pinto. **"Miss na miss mo ba ako at ayaw mo man lang mawala ako sa paningin mo? Babe, naghilamos lang ako."** Napakasarkastiko nang pagkakangiti niya habang sinasabi 'yon.

Ngumisi rin ako. **"Eh, kung hindi kaya ulit ako magpakita sa 'yo?"**

Nawala ang sarkastiko niyang ngiti saka ginaya ang posisyon ko, habang inilalapit niya ang mukha sa akin. **"Patayin mo na lang ako, Taguro."**

Naipit ko ang pareho kong labi papasok sa bibig ko habang nakatitig sa kaniya. Pero wala akong naisip na pwedeng isagot sa kaniya. Kakaiba sa pakiramdam ang sinabi niya.

Kaya sa halip na sagutin siya ay inilabas ko na lang ang pasalubong ko. **"Here,"** iniabot ko 'yon sa kaniya.

Matagal siyang tumitig sa 'kin bago masungit na tiningnan ang kamay ko. **"Kung kukunin ko ba 'yan ay hindi ka na mawawala sa paningin ko?"** Saka siya muling tumingin sa 'kin.

Nagkibit-balikat ako. **"Hindi ba pwedeng kunin mo na lang?"**

"Sinira mo ang magandang mood ko, Taguro."

"Sira rin naman ang mood ko. Kunin mo na, nagugutom na ako."

"Sabihin mo muna sa 'king hindi ka na aalis ulit?"

"Aalis ako ulit, pero babalik naman ako para sa 'yo."

Mataman niya 'kong tinitigan. **"Isama mo 'ko."**

Ngumiwi ako. **"Pwede."**

"Good." Ngumisi siya saka kinuha ang hawak ko. **"Ano 'to?"**

Pinaghiwalay ko ang dalawang keychain. **"Ang isa ay sa 'yo, ang isa ay sa 'kin. Dito natin ilagay ang susi nating pareho. Sa motor ko at sa kotse mo. Para kahit saan ka magpunta, pwede mong isiping magkasama tayo."**

"Tch. Napaka-sweet mo, Taguro," nakangiwi niyang sabi.

"Hindi mo ba nagustuhan ang simpleng pasalubong ko?" kunot-noong tanong ko. **"Sa kabila ng pagdadalamhati ko ay ikaw ang naisip ko, Sensui."**

"Dapat kasi ay inabot mo sabay kiss, gano'n, babe."

"Tara, kumain na tayo." Mabilis ko siyang tinalikuran saka ako naglakad papunta sa pinto.

"Paano na 'yong kiss ko?"

"Mamaya na, kapag nasa mood na ako."

"Taguro naman?" Napabuntong-hininga siya.

Hindi ko naman na siya sinagot pa, nanguna na akong lumabas. Narinig ko pa siyang pasigaw na tawagin ako, napangisi na lang ako hanggang sa makababa.

Nakaupo na ang lahat sa mesa nang maupo ako. **"Nasa'n na ang mga Rewis?"** agad kong tanong na nakapagpatigil sa lahat.

"Pein, let's eat first," ani Maxwell.

"I can't wait, Maxwell." Nanginginig ang kalamnan ko habang sinasabi 'yon. Walang sumagot sa 'kin. Nang mag-angat ako ng tingin ay nasa akin ang lahat ng paningin nila. **"I can't wait any longer,"** sinabi ko sa kanilang lahat 'yon. **"Kailangan ko nang malaman kung nasaan sila."**

"Let's eat?" Nangibabaw ang tinig ni Sensui, sinabayan niya iyon nang pag-upo. Natigilan lang siya nang makitang nakatingin ang lahat ng kasama namin sa 'kin.

"Heurt?" tawag ko. **"Nasaan sila?"**

Napabuntong-hininga siya. **"Natakasan nila ang mga pulis na ipinadala ko matapos naming matunton kung nasaan sila."**

"Ano?"

"Kanina lang iyon nangyari."

"Anak ng tokwa..." bulong ko. **"Anong klaseng pulis ba naman 'yong 'pinadala mo at natakasan? At bakit ngayon lang? Bakit kanina lang? Ilang araw kaming nawala, kanina lang sila nakita?"** Hindi ko napigilang magtaas ng tono.

Hinawakan ni Maze ang kamay ko. **"Maxpein..."**

Hindi ko siya pinansin. **"I am telling you, hindi mo magugustuhan kapag ako pa ang naghanap sa kanila,"** sabi ko kay Heurt. Hindi niya nagawang sumagot.

Gusto kong kumalma pero hindi ko magawa. Lalong tumitindi ang galit ko. Pakiramdam ko ay sinasadya na lang ni Heurt na patagalin ang paghahanap sa mga Rewis. At nasisiguro kong magkakakuntsaba silang lahat para hindi muling magkrus ang landas ko at ng mga ito. Batid kong ang kapakanan ko ang iniisip nila, ayaw nilang may magawa akong hindi maganda sa mga Rewis. Kayang-kaya nilang bale-walain ang paghihiganti para sa nangyari. Handa silang tapusin ang anumang koneksyon ang nagkaroon sa pagitan namin ng pamilyang iyon, 'wag lang akong makapanakit nang higit sa nagawa ko sa kanila noon. Alam nilang ibang usapan na ang nangyari ngayon. At walang puwang ang pagpapatawad sa 'kin. Sa oras na ito ay ako na ang iniisip nila, at hindi na mahalaga ang paghihiganti.

Nagsimula akong kumain pero hindi natahimik ang isip ko. Bagaman may mga sandaling nahihinto ako dahil sa makulit na presensya ni Sensui ay hindi nababawasan ang nagpupumiglas na galit sa dibdib ko. Sa isip ko ay paulit-ulit ko silang sinasaktan nang walang nararamdamang awa.

"Maxwell, Randall," tawag ko habang nasa pagkain ang paningin.

"Pein?" sabay nilang tugon.

"Bilisan ninyong kumain, may pupuntahan tayo."

Hindi ko man nakita nang deretso ay batid kong nagtinginan ang dalawa. **"Sige,"** napipilitan na lang nilang sagot. Alam kong kahit gusto nilang maganong kung saan ay hindi na nila ginawa. Kilala nila ako masyado para kontrahin ang mas pumapangit pang mood ko.

Bumuntong-hininga si Heurt. **"Saan mo planong pumunta, Maxpein?"** tanong niya.

Tiningnan ko siya nang deretso. Hindi ako nagsalita agad. Sinikap kong basahin ang emosyong makikita sa buo niyang mukha. Nag-aalala siya. Pero ang mga mata niya ay humihiling na sana ay wala akong gawing masama.

"Pupuntahan ko ang asawa ni Eerah Anitha," nakangiwi kong sabi saka nagpatuloy sa pagkain.

"Kung gano'n ay alam mo na kung nasaan sila?"

Tumaas ang kilay ko at agad na nagsalubong. Muli akong nag-angat ng tingin sa kaniya. Gusto kong mainis kay Heurt. Gusto kong isiping

nagbibiro siya pero sa tono at hitsura niya ay malabo iyon. Seryoso siya.

"Sa tingin ko ay hindi ko na itatanong sa 'yo kung nasaan sila kung alam ko ang kinaroroonan nila, Heurt," hindi ko napigilang maghimig sarkastiko.

Napapahiya siyang sumandal at saka tumitig sa akin. Sandali pa niyang nilingon ang ibang nasa mesa bago muling itinuon ang paningin sa 'kin. **"Pero ang sabi mo ay pupuntahan mo ang asawa ni Eerah Anitha Rewis? Kaya in-assume kong alam kung saan sila naroon, Maxpein. Sinong asawa ba ang tinutukoy mo?"**

"Si Lovemir Limaco ang tinutukoy ko, Heurt." Pasiring kong inalis ang paningin ko sa kaniya. **"Titingnan ko kung buhay pa,"** sarkastiko kong dagdag saka ako ngumisi.

"Maxpein..." Kakaiba ang tono nang pagkakatawag niya sa 'kin dahilan para muli ko siyang tingnan. Maiinis na sana uli ako pero ipinagtaka ko bigla ang kakaiba niya ring mukha. Para siyang nagugulat.

"Si Lovemir Limaco, Heurt," pigil ang inis kong pag-uulit. **"Si Lovemir Limaco ang pupuntahan ko. Dating asawa siya ni Eerah Anitha Rewis. Napilitan silang maghiwalay dahil hindi nagustuhan ni Chairman Rewis ang relasyon nila. Pareho silang ampon pero dahil sa legal na paraan nangyari 'yon ay magkapatid pa rin sila.**

"Pero, Maxpein," hindi maintindihan kung natatawa ba o nang-iinsulto ang tinig ni Heurt. Sa uri nang pagkakatitig niya sa 'kin ay parang gusto niya akong itama sa isang pagkakamali. Nangunot ang noo ko at napatitig sa kaniya.

Pakiramdam ko ay alam ko na ang pinupunto niya. **"Bakit?"** sumeryoso ako lalo.

"Si Cargosin Rewis," tumango-tango si Heurt. **"Siya ang asawa ni Eerah Anitha."**

Hindi ko namalayan nang maibaba ko ang hawak kong kutsara at tinidor. Basta na lang akong natigilan at napatitig kay Heurt. Inulit ko sa isip ko ang sinabi niya pero parang hindi ko iyon matanggap. Hindi ko magawang paniwalaan.

"*Andwae*..." Si Sensui ang bumasag sa katahimikan.

Nanatili kaming nakatitig ni Heurt sa isa't isa. Gaya ko ay parang nagugulat din siya. Para bang hindi siya makapaniwala na hindi ko iyon alam.

"What the hell...?" Hindi rin makapaniwala ang tinig ni Randall.

All this time... Nangunot lang nang nangunot ang noo ko. Wala akong naisambit na salita. Kung ano-ano pa munang pumasok sa isip ko bago ko nagawang makapagsalita ulit. Pero hindi ko magawang ibalik ang katinuan ko. Naging matunog ang pagbuga ko ng hangin, animong natawa. Para akong nakarinig ng panibagong panloloko.

Hindi ko alam kung paanong isasatinig ang laman ng isip ko. **"All this time ay si Lovemir ang alam kong asawa ng Eerah na 'yon, Heurt."**

Hindi niya nagawang sumagot agad. **"Pero sa t'wing mag-uusap tayo at babanggitin mo ang *asawa* niya ay si Cargosin ang iniisip ko, Maxpein. Ang akala ko ay alam mo."**

Umiling ako nang umiling. **"Si Lovemir ang alam kong asawa niya, Heurt. Si Lovemir lang. Ang alam ko ay magkakapatid sila at pare-parehong..."** Hindi ko na tinapos pa ang sasabihin ko. Magpapaulit-ulit lang ako. Napayuko ako at napapikit habang ang parehong kamay kong nakapatong sa mesa ay nakasuko sa kaniya.

Hindi ko na yata kayang tumanggap ng panibagong impormasyon mula sa kaniya. Nagugulat pa rin ako at hindi pa rin naniniwala ang utak ko. Hindi rumerehistro sa isip ko ang katotohanang iyon.

Nalinlang na naman ako. Lalo akong nanggigil dahil sa naisip ko. **"Tumayo na kayo, aalis na tayo,"** agad kong sabi.

"Pero hindi pa tayo tapos kumain, Pein," ani Randall.

"Hindi ka agad mamamatay kung hindi mo matatapos ang isang pananghalian," sabi ko habang naglalakad papalayo. Narinig ko pa ang bulungan nila ni Randall bago ko natunugan ang kalansing ng upuan, senyales na kumilos na sila papasunod sa 'kin.

Bakit hindi ko nahalata? Napakairesponsable ko.

Gusto ko na namang sisihin ang sarili ko. Pakiramdam ko ay wala na naman akong pakinabang. Masyadong naging okupado ang isip ko sa ibang bagay kaya naman ang simpleng bagay na 'yon ay hindi ko nagawang pagtuunan ng pansin.

Wala silang ikinilos na iba, lahat ay natural. Kung minsan ay naririnig ko pa kung paanong pagalitan ni Cargosin si Eerah Anitha. Ilang beses ko ring nasaksihan kung paano niyang insultuhin ang babaeng 'yon...anak ng...tsk!

Dumeretso ako sa garahe at mayamaya lang ay nakasunod na sa 'kin sina Randall at Maxwell. Mayamaya pa ay nagtatakbo papalapit si Sensui, kumakaway para magpahintay na para bang papalayo na kami.

"Babe!" patakbo pa ring lumapit sa 'kin si Sensui nang makasakay ako sa motor. Nag-angat lang ako ng tingin sa kaniya. **"Pwede ba akong sumama?"**

"Hindi na," umasta akong magsusuot na ng helmet.

"Sige na, gusto kong sumama."

"Babalik din naman agad kami, Sensui."

"Gusto ko pa ring sumama."

Napabuntong-hininga ako, paniguradong hindi niya ako titigilan. **"Sumakay ka na,"** sabi ko sabay senyas.

Si Maxwell ang nanguna sa daan, nasa iisang kotse sila ni Randall. Hindi ko magawang ituon sa daan ang atensyon ko, kung ano-ano na kasi ang naiisip ko na may kinalaman lahat sa Rewis. Ang inaasahan ko ay nasa kamay na namin sila sa pagbalik ko. Dismayado ako sa ibinalita ni Heurt. At ang bagong nalaman ko ngayon ay parang labintador na paulit-ulit pumuputok sa sentido ko. Hindi ko pa rin magawang paniwalaan 'yon.

Nang makarating kami sa The Venive ay nagawa pang mag-park ni Maxwell habang ako naman ay agad na bumaba at pumasok sa bahay ni Lovemir. Bagaman maliwanag ay kakatwang bukas ang mga ilaw. Tahimik ang buong bahay at mukhang walang tao. Sinadya kong sirain ang pintuan para makapasok.

"Taguro..." Sumunod sa 'kin si Sensui pero hindi ko siya pinansin. **"Wala yatang tao dito?"**

"'Wag kang maingay." Patuloy sa paghahanap ang mga mata ko.

Bakante ang sala kung saan ko siya madalas na makita. Ang piano ay nasa ayos din at mukhang ilang araw nang hindi nagagalaw dahil nasa ayos din ang alikabok sa ibabaw nito. Dumako ako sa kusina, may nakita akong baso at ilang bote ng alak sa ibabaw ng mesa. Bukas ang pinto ng ref, gano'n na rin ang ilang cabinet. Iginala ko ang paningin ko, may mangilan-ngilang gasa at tisyu akong nakikita. Ang ilan sa mga silya ay nakatumba. Dalawang set yata ng kaldero ang nakalabas at lahat ay gamit na. Maging ang mga noodle wrappers sa sahig ay naglipana.

"May nakatira pa ba dito?" tanong ni Randall na isa-isang tinitingnan ang bote ng alak na nasa mesa.

"Ahas," sarkastikong sabi ko.

"Tsh. Tao ang tinutukoy ko, Pein. May nakatira pa kayang tao dito? Masyadong magulo."

"Yes, there is," ani Maxwell. Nilingon namin siya.

Nakayuko siya sa sahig at may tinitingnan. Lumapit kami sa kaniya at nakitingin. May mga patak ng dugo sa sahig na natuyo na. May mga yapak din ng paa na binuo ng natuyong dugo bukod sa dumi.

Nagsimula siyang maglakad, pasunod sa mga patak ng dugo sa sahig. Sumunod naman kami sa kaniya pero ang paningin ko ay patungo na sa kwarto. Mayamaya lang ay pinasok namin ang kwartong nasa dulo ng pasilyo. Ang kwartong pinasok ko noon.

"Lovemir!" gulat na gulat ang tinig ni Sensui. Pero hindi niya magawang lapitan ito. Natigilan siya sa isang tabi at tiningnan lang ang kabuuan nito.

Gustuhin ko man ay hindi na ako nakaramdam ng gulat nang makita ko si Lovemir sa kama. Nakahandusay na lang basta at putlang-putla na. Nakabuka ang bibig niya, mukhang wala nang buhay. May mga natuyong dugo sa butas ng ilong at gilid ng labi niya, umabot din iyon hanggang sa leeg niya.

Ang halos kabuuan ng katawan niya ay nakahiga pero ang kaliwa niyang hita at binti hanggang sa paa ay nasa sahig. Ang kanan niyang kamay ay nakapatong sa bandang tiyan. Kung titingnan ay para na talaga siyang patay. Pero nang pakatitigan ko siyang maigi ay batid kong humihiga pa siya.

Matibay. **"Pumasok na kami,"** anunsyo ko saka ako marahang lumapit sa kaniya.

Hindi man lang siya nagmulat ng mga mata. Pero nakuha pa ring ngumisi ng mga labi niya. Sinubukan niyang iangat ang kanang kamay niya pero agad din iyong bumagsak dahilan para mapangiwi siya. Pare-pareho kaming tumitig sa kaniya, pinagmasdan namin ang kabuuan ng paghihirap niya.

Iba na ang amoy ng buong kwarto. Malansa na hindi maintindihan. Iba na rin ang amoy ni Lovemir kahit may isang dipa ang layo namin sa isa't isa, bagay na hindi ko nakasanayan sa kaniya. Humaba nang bahagya ang buhok niya, marungis ang mukha at ang parte ng katawan niyang nakikita. Madumi ang pang-itaas na damit niya sa dugo. Ang pantalong suot niya ay walang dugo pero may dumi ng tao at may mantsa na tila natuyong basa.

"Totoo nga talagang kapag masamang damo ka ay matagal ang buhay mo," gusto kong magtunog sarkastiko pero nabigo ako. Masyado akong galit para magawang ngumiti. **"Hindi ako naniwala ro'n dahil**

hindi naman masasama ang pusa na pag-aari ng lola ko noon, pero marami ang buhay no'n."

Sinikap niyang tumawa pero ngisi lang ang kaniyang nagawa. Nananatili siya sa pwesto na para bang sa gano'ng paraan niya lang mapipigilan ang sakit na nananalaytay sa buong katawan niya. Pero sa oras na 'to ay gusto ko nang sumampa sa kama niya at tuluyan siyang dambahin.

"Paulit-ulit kong iniisip ang iilang magagandang bagay na nagawa mo sa 'kin para patawarin kita at tulungan, pero kulang na kulang ang lahat, Lovemir." Mabilis na nangilid ang luha sa mga mata ko pero agad ko ring pinigilang magtuloy 'yon.

"Sorry..." Ilang beses niyang iniawang ang bibig bago tuluyang masabi 'yon. Nakita ko ang sinseridad niya pero tila may pader nang nakaharang sa pagitan namin para makarating 'yon sa puso ko.

"Gusto mo pa bang mabuhay?" mayamaya'y tanong ko.

"Pein," asik ni Maxwell na halos dungawin ang mukha ko. Nanatili naman kay Lovemir ang paningin ko. **"Don't place your anger on your head. Not now. Not today. He needs help,"** pabulong niyang singhal.

Noon ko lang siya tiningnan. **"I don't want to put him down but it is hard for me to lift him up. I've got two hands; both are unwilling to help him."** Sinulyapan ko ulit si Lovemir, walang nagbago sa hitsura niya.

"Pein, sige na. Kami na muna ang bahala sa kaniya," ani Randall. Ang mga mata niya ay malikot, naghahanap ng bagay na magagamit para asikasuhin ang pasyente niya.

"You can stay outside," ani Maxwell na agad inilapag ang malaking kit na dala niya.

"May pwede ba akong itulong?" tanong ni Sensui.

"Dito na lang ako," sabi ko saka naupo sa single sofa na nasa kabilang bahagi ng kama.

"Nagbibiro ka ba?" tanong ni Sensui.

"Hilig ko ba ang magbiro?"

"Doon ka sa labas, Taguro. Hindi ka dapat dito."

"Bakit?"

"Baka may makita kang hindi dapat makita."

"Tss." Bumaling ako kay Maxwell. **"Simulan ninyo na, kailangan ko siyang makausap."**

Inihilig ko ang batok ko sa sandalan saka ako pumikit. Nakakasulasok ang amoy, palala pa nang palala pero tiniis ko iyon. Paulit-ulit pa akong

humikab bago ako tuluyang nakatulog.

"MAXPEIN," tinig ni Maxwell ang gumising sa 'kin. **"Wake up."**

Tumingin ako sa relos bago tuluyang tumayo. Magsasalita na sana ako pero nakita ko si Sensui na abala sa pagtingin kay Lovemir. Pinupunasan niya ang buong braso ni Lovemir gamit ang bimpo. Sa tabi niya ay ang umuusok pang tubig.

"Lovemir," pagtawag ko nang makalapit.

"Natutulog siya, Taguro. Katutulog niya lang," bulong ni Sensui.

"Lovemir!" panggigising ko. Si Sensui ang naunang magulat, akala mo babaeng napahawak pa sa dibdib.

At mayamaya nga lang ay nagsumikap itong dumilat. Halos tumirik pa ang mga mata niya nang tuluyan iyong maibuka. Sa hitsura niya ay para na siyang naghihingalo. Doon ako nakaramdam ng awa sa kaniya pero ginawa ko ang lahat para mapigilan iyon.

Hindi man lang ba siya pinuntahan ng pamilya niya? Wala na talaga silang pakialam sa kaniya. Tss. Mga hayop talaga. **"Lovemir,"** malumanay nang tawag ko saka ako naupo sa kama. **"Alam kong mahina ka pa pero kailangan ko ang tulong mo. Kailangan kong mahanap ang pamilya mo."**

"He's still weak, Pein," bulong na naman ni Maxwell. Sinamaan ko lang siya ng tingin.

"Hindi na ako makakapaghintay pa kaya kung may nalalaman ka ay sabihin mo na sa 'kin," si Lovemir pa rin ang binalingan ko.

Maayos na ang hitsura niya, bago na ang suot na damit. Maging ang buhok niya ay inayos ng dalawa. Iba na rin ang amoy ng kwarto, malayo na sa amoy kanina bagaman may kakaiba pa rin akong nalalanghap. Maging ang kama ay mukhang pinakialaman nila, mas maaliwalas na ring tingnan ang kwarto kompara kanina. Pero hindi na yata mababawasan pa ang paghihirap at panghihina niya.

"Nasaan ang mga Rewis, Lovemir?" nakikiusap ang tinig na tanong ko. Kailangan niyang magpasalamat sa pagiging malumanay ko.

Umiling siya. Sinubukang sumagot pero walang naisatinig na salita. Para siyang bumubulong sa hangin dahil wala akong marinig mula sa kaniya. Pinipilit niyang iangat ang kamay niya pero sa sobrang hina ay kusa rin 'yong nahuhulog sa tiyan niya.

Napapikit ako at nawalan ng pag-asa.

"I think we should take him to the hospital, Pein," ani Randall na nakapamaywang habang nakatunghay sa 'min.

Umiling ako. **"Hindi pwede. Huhulihin siya ng mga pulis doon."**

"Because he deserves to be in jail," pabulong na namang ani Maxwell.

"Not now, not today," nakangiwing sabi ko habang na kay Lovemir ang paningin. **"Kailangan ko siya hangga't hindi ko nakukuha ang pamilya niya."** Tumayo ako at naghanap ng papel at ballpen. **"Here, isulat mo dito ang sagot sa mga itatanong ko."** Tinulungan ni Sensui si Lovemir na hawakan ang papel at ballpen. **"Nasaan ang pamilya mo?"**

Umiling si Lovemir. Nakuha ko na ang ang ibig sabihin niyon ay hindi niya alam. Gusto ko na sanang mawalan ng pag-asa pero nabuhayan ako nang kumilos siya upang makapagsulat. Pinanood ko siyang mahirapan sa paghawak ng ballpen, umalalay naman agad si Sensui sa kaniya habang hawak pa rin ang papel.

Kahit matagal ay may tatlong salita siyang naisulat. At bagaman magulo ay nagawa ko pa ring intindihin.

"Leader Wood. Debt," pabulong ko iyong binasa saka ako muling tumingin kay Lovemir. **"Ano ang ibig sabihin nito?"** Naguguluhan ako. **"Leader Wood?"** patanong na sabi ko nang ituro niya iyon. **"Debt?"** muling sabi nang iyon naman ang ituro ng daliri niya. **"I don't get it, Lovemir."**

"Wait," kinuha ni Maxwell ang papel. **"You mean to say you have debt?"** tanong niya. **"To Mr. Wood?"** Sunod-sunod ang mabagal na tango na isinagot ni Lovemir.

Nagkatinginan kami ni Maxwell. **"Mr. Wood?"** wala sa sariling bulong ko habang nag-iisip. Nanlilisik ang mga mata ko nang titigan ko si Lovemir. **"Eh, ano naman?"**

Nanlumo ang mga kasama ko pero hindi ko 'yon pinansin. Muling iniabot ni Maxwell ang papel kay Lovemir at muli rin itong nagsulat doon. Hindi gaya kanina ay mas hirap at mas mabagal na siyang magsulat ngayon. Maging ang pagsusulat kasi ay kinakain ang lakas niya.

"They...going...Mr. Wood?" Binasa na agad ni Randall ang isinusulat ni Lovemir saka siya tumingin sa 'min. **"Who's Mr. Wood?"**

Nangunot ang noo ko. **"Wait a minute,"** tinabig ko si Randall at ako ang lumapit kay Lovemir.

Niyuko ko siya at tinitigan sa mga mata. Nilabanan niya ang mga tingin ko pero naro'n sa mga mata niya ang panghihina. Lalong nangunot ang noo

ko nang alalahanin ko ang mga sinabi sa 'kin ni Lovemir nitong nakaraan lang.

Hindi ko agad nagawang magsalita agad dahil muling nagsulat si Lovemir. Pinanood ko siyang maghirap sa pagsusulat habang iniintindi ko ang mga isinusulat niya.

Sindikato... Droga... Nakukulangan ako, hindi ko masyadong maintindihan.

Nagulat na lang kami nang biglang ilapag ni Lovemir ang papel at ballpen at piliting magsalita. **"The night my...mother died,"** halos pabulong niya na lang sinabi iyon. Kinailangan ko pang ilapit ang sarili ko sa kaniya para lalo siyang maintindihan. **"Mr. Wood came. He...wanted us...pay everything."** Putol-putol at mabagal ang pananalita niya. Hindi halos makabuo nang ayos na linya. Batid kong ang mga droga ang tinutukoy niyang *everything*. **"The next day...ku...kumilos na kami."**

Napapikit ako sa inis, nauubos ang pasensya ko. **"Sa sinasabi mo, sa tingin mo ba ay matutunton namin ang pamilya mo, Lovemir?"**

"Pein, relax," pinigilan ako ni Maxwell. **"Who is this Mr. Wood by the way?"**

Wood... **"Teka,"** itinaas ko ang kamay ko para pigilan sila. **"Ang Wood ba na tinutukoy mo ay si Spider?"** kunot-noong tanong ko. Hindi ko maiwasang magulat.

"Spider?" nagugulat ding tanong ni Randall na bahagya pang lumapit.

Gulat na tumingin sa 'kin si Lovemir at saka tumango. Hindi ko malaman kung bakit bigla akong kinabahan nang tugunan niya ang tanong ko.

Si Spider Wood ang isa sa mga pinakakilala at pinakamakapangyarihang lider ng sindikato sa buong lalawigan ng Laguna. Ang boss nina Mallyu at Yago.

Napakaliit ng mundo. Napangisi ako. **"'Buti hindi kayo pinatay no'n? Hilig niya 'yon,"** sarkastiko kong sabi. Syempre, hindi ako nakatanggap ng tugon mula kay Lovemir.

"Paano tayo makasisiguro na magkasama nga ang mga Rewis at si Spider?" tanong ni Randall.

"Kilala mo 'yon, Taguro?" nagugulat na tanong ni Sensui.

Hindi ko siya pinansin. Sa halip ay bumaling ako kay Randall. **"Mukhang mahihirapan tayong kumuha ng impormasyon sa kaniya sa ganiyang lagay niya,"** sabi ko na sinulyapan pa si Lovemir. **"Hindi tayo sigurado kung nandoon nga ang mga Rewis."**

"Paano 'yon?" muling tanong ni Randall.

"Hindi ko alam," napunasan ko ang bibig ko sa kawalang pag-asa.

"Pein, he's writing," tinag sa 'min ni Maxwell.

Muli naming nilingon si Lovemir na noon ay papatapos na sa pagsusulat. *Deib Lohr... pay...* **"Payment!?"** nagugulat kong tanong matapos kong basahin ang huling salitang isinulat niya. **"Si Deib Lohr ang kabayaran sa utang ninyo kay Mr. Wood?"**

"Enough," pigil ni Maxwell kay Lovemir nang umasta itong magsasalita. **"You're weak and tired already. 'Wag mong ubusin ang lakas mo, baka ikaw rin ang makapatay sa sarili mo. Magtira ka para matulungan mo ang sarili mong gumaling."**

Hindi na ako nagsalita pa. Nagkatitigan kami ni Lovemir at pinanood ko siyang tuluyang ipikit ang kaniyang mga mata. Nando'n sa 'kin ang awa, pero hindi mababago no'n ang tunay kong nararamdaman. Dahil ang isip ko ay kusa nang kumikilos para bumuo ng plano.

EERAH ANITHA'S POV

"H.E.R." Ang paningin ng lahat ay napako sa pinto matapos isatinig iyon ng isang babae. Agad na kumalabog ang kaba sa dibdib ko.

Napatayo ako nang ayos. Napako sa likod ng pinto ang paningin ko. Mayamaya pa ay napansin kong gano'n na lang din ang gulat ng iba pang naro'n, lalo na si Mr. Wood.

Maxpein Moon...

Nanlamig bigla ang katawan ko, lalo na ang mga kamay ko. Sunod-sunod na namuo ang butil ng pawis sa aking noo. At ang lalamunan ko ay gumagaralgal nang kusa kahit wala akong isinasalita.

Hindi kapani-paniwalang may kung anong malakas na hanging umihip sa kulob na kwartong iyon nang tuluyang buksan ng tauhan ang pinto. Ngunit dahil may kalayuan ako sa pintuan ay hindi ko rin agad nakita kung sino ang nasa likod niyon.

"Heurt..." Halo-halo ang emosyon sa tinig ni Mr. Wood, nagugulat, namamangha at may alinlangan.

Ibinaling ko ang paningin ko sa pinto nang marinig ko ang mabagal na mga yabang. Hanggang sa tumambad nga si Heurt. Nakipaglabanan siya ng titigan kay Mr. Wood. Walang mababasang emosyon sa mukha ni Heurt, napakarami naman at halo-halo ang mababasang emosyon sa mukha ni Mr. Wood.

Pero mayamaya lang ay bumaling ang paningin ni Mr. Wood sa likuran ni Heurt. **"Maxpein..."** Gaya kanina ay halo-halo ang emosyon sa tinig niya.

Damn it! Nagkarambola ang takot sa buong katawan ko. Napaatras ako na para bang magagawa ako niyong itago. Mabilis akong nilamon ng kaba, maging ang lingunin ang aking mga kasama ay hindi ko na magawa.

Gaya ng mommy niya ay walang emosyon ang kaniyang mukha. At ang mababasang galit sa kaniyang mga mata ay tila senyales na may magaganap na sakitan sa pagitan nila.

Napatingin ako sa mga kasamahan ko. Sa lahat ay kami ang higit na nagugulat. Titig na titig kami kina Maxpein at Heurt, at mayamaya ay lilingunin si Mr. Wood nang punong-puno ng pagtataka, saka muling babalingan ang mag-ina.

Hindi ko na naman maipaliwanag ang nararamdaman ko. Hindi ko maintindihan kung bakit para akong kinikilabutan sa nakikita ko ngayon. May kung anong tensyon akong nararamdaman sa pagitan ng mga taong nasa harap ko.

Umiiling habang sumesenyas ng kung ano si Mr. Wood. Nakabuka ang bibig niya pero walang salitang lumalabas. Paulit-ulit niyang ginawa 'yon na para bang hindi niya malaman kung ano ang sasabihin. Nakita at nadinig ko siyang bumuntong-hininga saka muling tumingin sa mag-ina. Wala siyang nasabi maski isang salita.

Nangibabaw ang katahimikan. Nananatili silang nagtitinginan. Pare-pareho silang tulala sa isa't isa, habang ako ay nanonood lang at nanlalamig. Matagal bago nagawang putulin ni Mr. Wood ang katahimikan sa pagitan ng lahat.

"Narinig ko ang nangyari kay Chairman Moon, ikinalulungkot ko ang nangyari," sinsero niyang sabi habang na kay Maxpein ang paningin. **"Alam ko kung gaano kahirap para sa inyo iyon, lalo na sa iyo, Pein."**

Pein... Batid kong ang mga taong matagal nang nakakikilala kay Maxpein lamang ang tumatawag sa kaniya nang gano'n.

Sa kabila nang madamdaming litanya ni Mr. Wood ay wala siyang natanggap na tugon mula sa mag-ina. Napapahiya niya kaming nilingunan kunyari bago muling tiningnan sina Maxpein at Heurt. Nakangiti siyang namaywang, pilit pinagmumukhang sarkastiko ang sarili kahit na halatang kung ano-anong tanong na ang pumupuno ngayon sa isip niya. Bagay na hindi ko yata kailanman maiintindihan.

"Hindi ko inaasahan ang pagparito ninyo." Mr. Wood slightly laughed, expecting himself to sound and look sarcastic but still ended up surprised. Hindi naman inaalis nang mag-ina ang paningin sa kaniya. **"Ngayon lang nangyari ito,"** tiningnan niya si Heurt bago nilingon si Maxpein. **"I was not expecting to see the two of you, I'm glad to see you both. What brought you here...Maxpein?"** Bumaling siya kay Maxpein nang sa kabila ng napakarami niyang sinabi ay wala siyang nakuhang tugon.

"I came to kill someone," deretsong tugon ni Maxpein na nilingunan pa kami ng pamilya ko. Dahilan para ang lahat, lalo na ako, ay magulat. Nanlalaki ang mga mata naming napatingin sa kaniya.

Seriously, this isn't happening!

"You..." Natigilan si Mr. Wood. **"You came to kill someone?"** nauutal na kunyaring natatawang tugon ni Mr. Wood. Mayamaya ay natawa ito, wala na yata sa sarili. **"I don't understand."**

Nilingon siya ni Maxpein. **"You don't have to."**

"Maxpein," nauutal niya pa ring tawag, animong nililinaw ang nakalilitong namamagitan sa kanila. **"Ano ang ginagawa mo dito?"**

"Tss." Sarkastikong ngumisi si Taguro. **"Tinagalog mo lang ang tanong mo, Spider."**

Spider? Natutuliro kong nilingon si Mr. Wood. Hindi ko kailangan pang kuwestyunin dahil sa sandaling iyon ay nasisiguro ko nang magkakilala sila. At sa sandali ring ito ay gusto ko nang malugmok sa kinatatayuan ko. Hindi ko inaasahang ganito kaliit ang mundo.

"Hindi mo 'ko masisisi, Maxpein. Nalilito ako. Hindi ko maintindihan kung bakit ka naparito. Hindi mo ginagawa ito."

Ngumiti si Maxpein. **"May malalim na dahilan, syempre. Alam mong hindi ko ugaling bumisita sa kaibigan."**

Kaibigan? Magkaibigan sila? Lalo kong ginustong malusaw na lang bigla at matuyo sa kinatatayuan ko. Nagtindigan ang mga balahibo ko dahil sa aking mga naririnig.

"Inaasahan ko nang mabibigla ka. Isa 'yon sa mga ipinunta ko. Ang personal na masaksihan ang pagkabigla mo," patuloy ni Maxpein.

Mayabang!

Kung tutuusin ay pormal at maayos ang hitsura ni Mr. Wood. Nasa kasagsagan ng kaniyang edad at parang napakatagumpay na sa buhay. Pero kahit gano'n, hindi niya maitatago sa mga mamahaling damit, magandang

pananalita at perpektong kilos at tindig ang pagiging misteryoso niya. Sa isang tingin ay masasabi ko nang siya iyong taong gumagawa nang ilegal at masama. Mukhang sindikato si Mr. Wood sa madaling salita. Nasa hitsura niya iyon.

Mierda!

"Naparito ka para pumatay ng tao...sino?" nalilito talagang tanong ni Mr. Wood.

Sumeryoso si Maxpein. **"'Yang mga nasa likuran mo."**

Napaatras ako! Hindi ko inaasahan ang deretsong sagot na 'yon ni Maxpein. Lalo pa akong kinabahan nang dumapo sa 'kin ang paningin niya na tila ba isang nagliliyab na pana. Ang tingin niya ay bumabaon sa buog pagkatao ko.

Nanlaki rin ang mga mata ni Mr. Wood, natitigilang nilingon kami ng pamilya ko, na noon ay gulat na gulat din. Nagkatinginan kami isa-isa bago tiningnan si Maxpein.

Mierda!

"Ang mga iyan ang pumatay sa lolo ko," dagdag ni Maxpein dahilan para muli siyang lingunin ni Mr. Wood.

"*Maldo andwae...*" Hindi makapaniwalang bulong ni Mr. Wood.

Nagulat at natigilan na naman ako sa ibinulong na salita ni Mr. Wood. Hindi ko alam kung ano ang ibig sabihin niyon pero ang punto ay pamilyar sa mga narinig ko nang pumunta kami sa burol ng namayapang Chairman.

Damn it! Damn it! Damn it! Magkakilala sila! Hinding-hindi ko inasahan ang bagay na iyon. Kahit kailan ay hindi ko naisip na posibleng mangyari ito, higit na ang posibilidad na magkakilala sila. Hindi ganoon kaliit ang Laguna para makabangga namin ang dalawang magkakilalang tao.

Gulat kaming nilingon ni Mr. Wood na noon ay nadagdagan pa ang pagkagulat, nabahiran pa iyon ng takot at kaba. Kunot-noo kaming pinakatitigan isa-isa ni Mr. Wood saka natitigilang tiningnan si Maxpein.

"*Sa...Sassilida?*" Hindi pa rin makapaniwala si Mr. Wood. Sa tanong niya ay tila inaalam niya kung totoo ba ang sinabi ni Maxpein.

"*Dangyeonhaji,*" naniniguro ang tinig ni Maxpein. Napalunok ako.

Nakamaang na tumitig si Mr. Wood kay Maxpein, hindi talaga makapaniwala. Matagal siyang tumitig dito na para bang hinihintay niya itong bawiin ang sinabi. Pero nang walang magbago sa kaniyang mga narinig ay dahan-dahan niya uli kaming nilingon ng pamilya ko.

Sa sandaling iyon ay pulang-pula na ang mga tainga ni Cargosin, siya ang una kong namataan. Si Chairman Rewis ay halatang pinipigilan na lang ang takot na nararamdaman niya. Nananatili gulat sina Taylor at Christian habang si ako naman ay hindi na magawang itago pa ang kaba ko.

"Are you going to kill all of them?" natutulirong tanong ni Mr. Wood saka palang nilingon si Maxpein. **"Now?"**

Napapailing na bumuntong-hininga si Maxpein, para bang natatangahan siya sa kaharap. At halos mabigla ako nang bigla ay lingunin niya ako. Tumitig siya sa 'kin na para bang ipinapasa niya ang apoy na nakikita ko sa kaniyang mga mata.

Sunod-sunod na paglunok ang nagawa ko habang nakalapat ang paningin namin sa isa't isa. Ang dating galit ko sa kaniya ay parang bakal na tinutunaw. Nawawala ang tapang ko. At kayang-kaya kong aminin ngayon sa sarili kong naduduwag ako sa taong ito.

"Maxpein?" pagtawag ni Mr. Wood. **"You came to kill them, now?"** puno pa rin siya ng pagtataka.

Matagal pang tumitig sa 'kin si Maxpein bago nilingon ang lider. **"Bakit ba gano'n na lang katindi ang interes mo? Kating-kati ka na bang makita kung paano ako pumatay ng tao?"**

"Dahil alam kong hindi mo iyon magagawa, Maxpein," ngumisi si Mr. Wood.

"Magagawa ko, Spider. Sadyang mapili lang ako sa tao."

"Alam mo ang kahihinatnan mo kapag nangyari iyon."

"Hindi sapat na dahilan 'yon para mapigilan ko ang sarili kong mga kamay."

Sumeryoso si Mr. Wood. **"Kung gano'n, seryoso ka."**

"Mukhang gano'n na nga." Sumeryoso rin si Maxpein.

"At talagang itong teritoryo ko ang napili mong lugar? Kamangha-manga."

Ngumisi si Maxpein. **"Hindi, syempre. Masyadong makipot ang espasyo mo. Hindi rin ako ginaganahan sa amoy nitong lungga mo."**

"Kung gano'n ay bakit dito ka pa sumugod? Pinapatawa mo ako, Maxpein, at natutuwa ako."

"Nandito ako para sunduin si Deib Lohr Enrile."

Muling natigilan si Mr. Wood at napatitig sa kaharap. **"Deib Lohr Enrile? Sinong..."** Nalilitong nilingon ni Mr. Wood ang nakakulong pa ring

si Deib Lohr. Gulat siyang napatitig dito, maging ako. Noon ko lang namalayang gising na pala siya.

Sandaling tumingin sa gawi ni Lohr si Mr. Wood saka niya pilit na inaninag ang mukha nito. Madilim sa gawi ni Lohr kaya naman gano'n na lang katagal niyang inilapat ang paningin dito.

Mayamaya lang ay narinig ko siyang suminghal ng pagmumura. Saka siya bahagyang lumapit sa gawi ni Lohr. Nang matagumpay niya nang makita ang mukha nito ay saka niya nalilitong nilingon ang Chairman Rewis bago muling tumingin kay Maxpein.

"Hindi ko alam, Maxpein," nalilito pa ring sabi ni Mr. Wood.

"Natural, hindi mo alam. Dahil kung alam mo ay baka ang mga Rewis ang ikinulong mo diyan." Nginisihan ako ni Maxpein. Sumeryoso siya nang muling tingnan si Mr. Wood. **"Pakawalan mo siya bago ko pa maihakbang ang paa ko,"** pag-uutos niya.

Damn it!

Nilingon ko sina Cargosin, gaya ko ay bahagya nang nakayuko ang ulo nila bagaman ang paningin ay naggagala pa rin. Halatang hindi na rin nila malaman ang gagawin na gaya ko.

"Naghihintay ako, Mr. Wood," sarkastikong pinakadiinan ni Maxpein ang pangalan ng lalaki. Sa tinig niya ay para bang tinutukoy niyang hindi iyon ang tunay nitong pangalan.

Natinag si Mr. Wood saka aligagang nilingon ang pintuan. Pasigaw niyang tinawag ang tauhan ngunit parang walang nakarinig sa kaniya. Kunot-noo niyang nilingon muli si Maxpein, nauubusan na ito ng pasensya. Kaya bago pa muling makapagsalita si Maxpein ay kumilos na si Mr. Wood.

"Babalatan ko kayo nang buhay," pasinghal niyang bulong nang madaanan ako. Halos malanghap ko ang nakakasulasok na amoy ng usok mula sa bibig niya dahil sa sobrang lapit namin.

Lumapit siya sa mesa saka naglakad patungo sa gawi ni Lohr. Nakatitig siya rito habang binubuksan ang regas.

"Bakit hindi mo sinabi sa 'kin na nobya mo ang babaeng iyan?" marahan at mariing singhal ni Mr. Wood kay Lohr. Bakas ang kaba at takot sa mukha ni Lohr dahilan para hindi niya magawang sagutin ang lider.

"Hindi mo alam kung gaano katindi ang panginginig ng kalamnan ko sa ilang dipang layo natin sa isa't isa, Eerah Anitha," gumagaralgal

ang tinig na sabi ni Maxpein. At huli na ang lahat dahil nang lumingon ako ay nakalapit na siya!

"Ah!" napasigaw ako nang itulak niya ako sa dibdib at habulin ng malakas na sipa sa mukha! **"*Mierda*!"** gilalas ko. **"Sanayin mo na ang sarili mo dahil hanggang sa panaginip ay makikita mo ako! Kamumuhian mo ako habambuhay mo, Maxpein Moon! Tandaan mo ang sinabi ko! Tandaan mong ako at ang pamilya ko ang pumatay sa pinakamamahal mong lolo!"** wala sa sariling sigaw ko.

Hindi ko alam kung saan ako humugot ng lakas ng loob para deretsong maisigaw iyon nang walang halong paggaralgal ng tinig.

"Hayaan mong panoorin kong pagsisihan mo ang pagpapaalala sa 'kin sa pagkatamay ng lolo ko," mabilis na aniya saka patalon akong sinipa sa mukha! Na nasundan pa ng pagsabunot niya sa buhok ko at walang-awang pagtutuhod niya sa kabuuan ng mukha ko!

Humampas ako sa mesa at talagang napakasakit niyon. Naghalo ang pwersa nang pagkakasipa niya at sarili kong timbang kaya gano'n na lang kalakas ang naging paghampas ko.

Mabilis siyang humakbang papalapit sa 'kin. Inipit niya ang leeg ko gamit ang napakabigat niyang paa. At nang makita niya akong maghabol ng hininga ay lalo niya pang itinuon doon ang bigat niya.

Napahawak ako sa paa niyang sumasakal sa akin. Pero nauupos ang lakas ko, hindi ko magawang alisin iyon sa ibabaw ko.

"'Wag mong ipagmamayabang sa 'kin ang ginawa mo sa lolo ko, Eerah Anitha. Dahil kapag tinopak ako ay bubuhayin kita at gagawin kong impyerno ang araw-araw mo habang nabubuhay ka." Seryosong-seryoso niyang sinabi iyon bagaman naroon ang diin. Wala sa tinig niya ang pagbabanta dahil sinisiguro niya na sa 'kin na kayang-kaya niya iyong gawin. **"Itikom mo 'yang bibig mo, hindi na ako natutuwa sa 'yo."**

"Ilang beses mo na kaming binantaan, sa tingin mo, ngayon pa ba kami matatakot?"

"It takes a lot of reason for me to hurt a person, Eerah Anitha, but one reason is enough for me to kill them," mariing-mariing aniya na siyang nakapagpatigil sa 'kin.

Hindi ko pa man nagagawang kumilos ay tinalikuran na ako ni Maxpein at hinarap si Taylor. Sa isang malakas na sapak ay napatumba niya ito. Nang sumubok itong kumilos ay walang-alinlangan niyang itinumba dito

ang maliit na cabinet na puno ng libro! Pinuno nang pagsigaw ni Taylor ang buong kwarto pero walang naglakas-loob na tumulong.

Walang segundo ay nagawa namang hapitin papalapit ni Maxpein si Cargosin upang tuhurin ito sa tiyan. Nang mapayuko ay isang malakas na dagok ang iginawad ni Maxpein sa likuran nito. At dahil alam niyang hindi gano'n kabilis tutumba ang lalaki dinampot niya ang malaking pigurin ihampas iyon sa mukha ni Cargosin.

Agad na napakilos ang katawan ko nang makita ko kung paanong umubo-ubo si Cargosin na para bang agad naghingalo. Nangisay siya matapos matumba! Ngunit gustuhin ko mang lumapit ay agad nang pinahinto ni Maxpein ang pagkilos ko gamit ang isang nanlilisik na tingin.

Sinubukang sumugod ni Christian pero agad na sinalo ni Maxpein ang mga kamay niya. Gamit ang gilid ng palad ay pinuntirya niya ang batok ni Christian. Nang mapayuko ito ay hinila niya ito sa kaliwang braso upang muling makatayo. Nang magtagumpay ay binuhat niya ang buong bigat ni Christian at walang kahirap-hirap na ibalibag ito estanteng gawa sa bakal.

Napaatras namang agad si Chairman Rewis matapos siyang tapunan ng tingin ni Maxpein. Ngunit gustuhin man niyang umatras ay wala siyang napuntahan. Agad siyang nakorner sa estante ng mga alak. At habang nasa kaniya ang paningin ay hindi naging mahirap para kay Maxpein na abutin ang isang bote at walang alinlangang basagin iyon sa mukha ng aking ama! Hindi doon natapos ang lahat dahil pinatayo ni Maxpein ang Chairman gamit ang sarili nitong kurbata. Mabilis niyang naiikot ang kurbata sa leeg ng aking ama at ibinuhol iyon para mahirapan siyang huminga!

Harap-harapang pinanood ni Maxpein ang aking ama sa paghahabol ng hininga. **"Sa susunod na sasakalin kita, sisiguraduhin kong malalagutan ka muna ng hininga bago kita hayaang matumba."**

"Taguro!" dagling sigaw ni Lohr pero huli na ang lahat dahil wala nang nakatayo pa sa 'min ng pamilya ko.

May lakas pa ako, kaya ko pang tumayo. Pero ang alinlangan ko ay inuubos ang tapang at lakas ko ng loob. Wala kaming laban. Wala na kaming lusot. Mamamatay kami dito at si Maxpein ang gagawa at magdedesisyon niyon!

"Maxpein?" Nakikiusap ang tinig ni Mr. Wood. **"'Wag dito sa teritoryo ko."**

Hindi siya nilingon ni Maxpein. **"Kung ako lang ang masusunod ay wala na akong pagkakataong ibibigay sa inyo. Tatapusin ko kayo dito,**

dito mismo sa lugar na ito. Sa mismong espasyong kinasasadlakan ng bawat isa sa inyo. Hahandusay kayo nang paulit-ulit at sabay-sabay habang kami ay hinihintay kayong mamatay." Malumanay na sinabi 'yon ni Maxpein pero ang gigil ay nasa boses niya. Ang kasiguraduhang gagawin niya iyon ay tila nakapalaman sa bawat salitang binitiwan niya. **"Pero dahil hindi ko na mapigilan ang sarili ko, at dahil hirap na hirap akong magtimpi sa t'wing makikita ko kayo, hihiling na lang ako sa inyo."**

Tiningnan kaming isa-isa ni Maxpein nang hindi man lang gumagalaw sa kinatatayuan niya. Hindi ko naiwasang titigan siya, para akong pinapatay ng mga sinasabi niya at sasabihin pa.

"Mag-suicide na kayo," patuloy ni Maxpein na talagang ikinagulat ko. **"'Wag ninyo nang hintaying ako pa ang pumatay sa inyo dahil hindi 'yon magiging madali. Nakangiti kong panonoorin ang paghihirap ninyo."**

Napatitig ako kay Maxpein. Sa maraming beses na pagbabanta niya ay ngayon ko lang siya kinakitaan ng kaibahan. Sa tono nang pananalita niya ay para bang handa siyang gawin ang sinabi niya. At hindi ko maintindihan ang sarili kung bakit nasanay naman na akong ganito siya pero naninibago ako ngayon. Kusa akong natatakot at kinakabahan.

Napalingon ako kay Mr. Wood nang humakbang siya papaharap kay Maxpein at titigan ito. Nangunot ang noo ko nang makitang nakangisi siya habang deretsong nakatingin kay Maxpein. Nakakainsulto dahil napakasarkastiko ng dating niya.

"Naiintindihan ko ang galit mo pero binabantaan kita, Maxpein. Huwag mong babahiran ng maruruming dugo ang teritoryo ko."

"Maxpein," noon lang nagsalita si Heurt. Pero sa sandaling iyong ay nilingon siya ng lahat. Gano'n katindi ang kapangyarihan ng boses niya para maagaw niya ang atensyon ng lahat nang naroon. **"Tama na 'yan, magluluto pa ako ng hapunan."**

Napamaang ako at gusto kong tumawa hanggang sa mabaliw ako. *Sa pangyayaring ito...sa sandaling ito...iyon pa ang naiisip niya? Hapunan?* Hindi ako makapaniwala. Totoo at hindi na mawawala sa dugo ng mga Moon ang pagiging wirdo!

"Aalis na kami," ani Heurt, kay Mr. Wood nakatingin.

Sumenyas na naman ng kung ano-ano si Mr. Wood habang nakamaang. Gaya namin ay tila ba hindi niya nagawang intindihin agad ang mga sinabi

ni Heurt. Hindi niya magawang sakyan ang pag-iisip nito ukol sa hapunan matapos ang tensyon.

Matagal na tumitig si Mr. Wood kay Heurt saka ngumiti. **"Okay, then, see you around?"**

Nakita kong nadismaya si Mr. Wood nang sa halip na sumagot ay tinalikuran siya ng mag-ina. Napanood ko pa nang nakanganga niyang panoorin ang mga itong maglakad papalapit sa pinto. At napangisi siya nang muling humarap si Taguro sa kaniya na sinundan naman ni Heurt.

"I guess I'll see you aroun--"

"Halika na," pinutol ni Maxpein ang sinasabi ni Mr. Wood, niyayaya si Lohr. Napapahiyang bumuntong-hininga ang lider. Napunasan nitong bigla ang bibig na para bang nauubusan ng pasensya.

Nang hindi magawang makatugon agad ni Lohr ay inilahad ni Maxpeind dito ang kamay. Nilingon pa muna kami ni Lohr na tila nagugulat pa rin sa nangyari. Napatingin na lang siya sa nobya matapos nitong hawakan ang kamay niya.

"This is Deib Lohr Enrile," isinenyas ako ni Maxpein ang nobyo. **"Remember his face, Mr. Wood. The next time you touch him; you'll suffer and beg for your death."** Saka niya hinila ang nobyo patalikod sa lahat. Pabagsak niya ring isinara ang pinto hanggang sa tuluyan silang makalabas.

Para akong naiwang nakalutang sa ere. Hindi ko naman magawang paniwalaan ngayon na humihinga pa ako, na buhay pa ako. Para akong mababaliw sa sandaling iyon.

Mabilis na nangilid ang mga luha ko nang tingnan kong isa-isa ang mga kasamahan ko, ang pamilya ko. Pare-pareho silang walang lakas at hindi na makatayo. Para bang kailangan ko pang ipagpasalamat sa Maxpein na iyon na nakukuha ko pang kumilos at tumayo.

Gumapang ako papalapit sa aking ama at mabilis na inalis ang kurbatang nakapagpapaubos sa kaniyang hininga. Halos yakapin ko siya sa ulo nang makita kong nangingitim na ang ilang parte ng mukha niya. Napaiyak ako sa hindi maipaliwanag na dahilan, sa napakaraming dahilan.

Lovemir... Kung bakit bigla ko siyang naisip ay hindi ko alam. Parang palabas na nanumbalik sa isip ko ang lahat. Kung paano kaming nagsipagsimula.

"Kinalaban ninyo ang mga iyon?" mayamaya ay nangibabaw ang tinig ni Mr. Wood.

Hindi ko alam kung gaanong katagal akong nanatili sa gano'ng posisyon, nakayakap sa aking ama. Nagpunas ako ng mga luha saka nag-angat ng tingin sa lider. Nananatili siyang nakapamaywang at nakatingin sa nakasarado nang pinto kung saan lumabas ang mag-inang Heurt at Maxpein pati na rin si Lohr. Hanggang sa sandaling iyon ay parang baliw si Mr. Wood na nakatingin sa pinto na tila hinihintay na bumungad ulit doon ang mga Moon.

"Kinalaban niyo talaga ang mga 'yon?" Saka lang siya humarap sa 'kin.

Sandali pa siyang nagulat sa hitsura ng mga kasamahan ko. Na para bang hindi niya napanood na gawin ni Maxpein ito. Sa boses niya ay para bang hindi talaga siya makapaniwala. Pero dahil tumatawa siya ay hindi ko maiwasang mainis.

"Ang lalakas ng loob ninyo, ah? Kinalaban ninyo si Maxpein Zin del Valle-Moon?" pinakadiinan niya habang nakangisi ang pangalan ng babaeng moon. **"Unbelievable!"**

Mabilis akong pinangiliran ng luha. Pakiramdam ko ay laro na lang ang lahat ng aking nakikita. **"At hindi namin alam na magkakilala kayo."**

Nakangising ngumiwi si Mr. Wood. **"Dati kong bata 'yon, nanilbihan siya sa 'kin ng mga ilang buwan dahil tinotopak siya. Pero hindi ko makakalimutan kung paano niyang nilumpo ang karamihan sa matitinong bata ko. Hindi ko siya mapapatawad dahil baguhan ang mga iyon pero magagaling. May demonyong utak."**

Nakangiti siyang magkwento na para bang nababaliw. Kahit kasi nakangiti siya ay kitang-kita ko ang galit sa kaniyang mga mata. Tuloy ay hindi ko na maintindihan ngayon kung ano ang relasyon niya kay Maxpein.

"Gano'n si Maxpein. Nakabase sa klima ang mood niya kaya mag-iingat ka." Naglakad siya papalapit sa 'kin. **"Dahil hindi niya ibinabanta ang mga bagay na hindi niya kayang gawin. Lahat nang sinabi niya, kaya niyang gawing totoo. Magugulat ka na lang, nandiyan na siya sa harap mo."**

Naupo siya sa harap ko at hinawakan ako sa pisngi. Agad ko namang iniiwas ang mukha ko at sinamaan siya ng tingin. Ngumisi lang siya habang pinagmamasdan ang buo kong mukha.

"B-Bitiwan mo siya!" hindi ko inaasahang mangingibabaw pa ang boses ni Cargosin.

Nakangisi naman siyang nilingon ni Mr. Wood. **"Overprotective 'tong tiyuhin mo."** Isinenyas niya pa si Cargosin.

"Hindi ko siya tiyuhin," mataray at naiinis kong tugon.

"Ah, talaga? Magkaano-ano nga uli kayo?" nakangisi pa rin niyang tanong. Hindi ko nagawang sumagot. **"Ikinakama ka ba niya?"**

"Bastos ka!"

"Sa isip, oo. Habang pinapanood nga kitang tadyak-tadyakan ni Maxpein ay nakatingin ako sa umaalog-alog mong dibdib. Mayaman ka sa bitamina, Eerah Anitha."

Nanginig ako sa galit. Kumuyom ang mga palad ko at gusto ko siyang sampalin. **"Hayop ka, Mr. Wood,"** mahina ngunit mariin kong sabi.

"Pare-pareho lang naman tayong hayop dito, Eerah Anitha Rewis. Marurumi tayong hayop. Iyong malilinis na hayop ay nakaalis na." Saka siya tumawa nang tumawa na parang loko-loko.

Sa sandaling iyon ay hindi ko na alam kung ano ang gagawin ko, para sa akin at sa pamilya ko. Hanggang sa maisip kong ipagpaubaya na lang sa mangyayari ang lahat.

Kung ano man ang nakatakda ay tatanggapin ko na lang. Gusto ko na namang maiyak nang sumagi sa isip ko sina Lovemir at Almeyra. Lalo na ang mga sinabi nila.

"Gusto mo pang mabuhay, 'di ba?" nakangising tanong ni Mr. Wood, ang paningin niya ay nagpapagala-gala sa katawan kong nakikita niya. Nagtiim ang bagang ko. **"Maligo ka."**

Nangunot ang noo ko. **"What?"**

Tumawa siya nang malakas. **"Maligo ka. Tapos ay pumunta ka sa kwarto ko at doon ka rumampa."**

"Hayop ka!" sigaw muli ni Cargosin. Habang ako ay nananatiling galit na nakatingin kay Mr. Wood.

"Oh, bakit?" baling ng lider kay Sin. **"Wala ba akong karapatang humingi ng kapalit sa pambubulilyaso ninyo sa maayos kong pamumuhay? Ako ang hayop pero ikaw ang gumagawa ng kahayupan? Sira ang ulo mo, ano? Gusto mong barilin kita diyan?"**

"Patayin mo na lang kami!" gilalas ko dahilan para nagugulat kunyari akong lingunin ng lider. **"Oo! Patayin mo na lang kami!"**

"Ano ka, sinuswerte? Ulol!" Hindi ko inaasahan nang bigla niya akong sampalin. **"Hindi pa nga kayo nagbabayad sa 'kin, gusto niyo nang magpahinga? Ang kakapal din ng mukha ninyo, ano? Papatayin? Ha!"**

Tumawa siya nang mas malakas pa saka sumeryoso. Iyong hitsura niyang nakakatakot na naman. **"Babayaran ninyo ako, iyon ang usapan. Kaya wala kayong ibang gagawin kundi ang magbayad sa akin! Buhayin ninyo ang sarili ninyo at pagbayaran ang lahat ng utang ninyo sa akin!"** Sinabi niya iyon habang paulit-ulit akong sinasampal nang pagkalakas-lakas.

Umiiyak akong yumuko matapos tumayo ni Mr. Wood at magpalakad-lakad sa harapan ko. Naghahabol ako ng hinihinga habang humihikbi at gano'n din naman siya. Mayamaya ay narinig ko siyang magkasa ng baril at sa sandaling iyon, sa unang pagkakataon, hiniling kong sana ay iputok na niya iyon sa akin.

Ngunit nagkamali ako. Halos mapatalon ako sa kinauupuan nang paputukin niya iyon! **"Hoy! Gumising ka!"** sigaw ni Mr. Wood. Noon ko lang napagtantong si Taylor ang binaril niya, sa paa!

Hayop ka talaga! **"Taylor..."** Wala akong nagawa kundi ang pabulong na iyakan ang pagtawag sa kaniya.

"Bumangon ka diyan at gumawa ng paraan para madala dito ang pera!" muling gilalas ni Mr. Wood. **"At ikaw?"** bigla siyang bumaling sa 'kin. **"Maligo ka dahil hindi ako nagkakama nang marungis na babae."** Bigla niya akong tinalikuran at ipinatong sa mesa ang baril niya. **"Magbibigay ako ng dalawang araw,"** nakatalikod niyang sabi. **"Mayaman ang nobyo ni Maxpein, pasukin ninyo ang bahay nila at nakawan. Kapag hindi kayo nakapagbayad sa 'kin ay ikukulong ko kayo sa ginto kong hawla, kasama ang mga alaga kong leon."**

Nanlaki ang mga mata ko. Hindi ko malaman kung magpapasalamat ba ako sa panibagong pagkakataon. Para akong mababaliw sa katotohanang iyon.

~ To Be Continued. . . ~

OceanofPDF.com

CHAPTER 221 : THE VENGEANCE 3

CHAPTER 221 : THE VENGEANCE 3

Who's back with a vengeance?

DEIB LOHR'S POV

Tahimik kaming nakarating sa mansyon. Pero bakas pa rin sa hitsura ni Taguro ang galit. Gusto kong mangulit, gusto kong mag-usap kami. Napakarami kong gustong itanong. Pero halatang wala siya sa huwisyo para mapagtyagaan ako.

"Mauuna na ako," ani Heurt. **"Marami-rami ang lulutuin ko."** Saka siya nagmadaling dumeretso sa kusina.

Gusto kong manlumo. Kakaiba talaga sila. Hindi ko malaman kung paano nilang naiisip ang ganitong mga bagay sa hindi magandang sitwasyon. Pare-pareho silang wirdo at kakatwang parati na lang akong naninibago.

"Ayos ka lang?" Hindi ko inaasahang tatanungin ako ni Taguro. **"Malakas ba 'yong ginawa sa 'yo ni Taylor?"**

"Ayos lang ako. Hindi naman malakas ang pagkakadamba niya, nakisama lang ako sa plano mo."

Napabuntong-hininga siya at humakbang papalapit sa akin habang nakapamulsa. Mataman niya akong tinitigan. No'ng una ay nagagawa ko pa siyang hayaan pero ilang saglit pa ay unti-unti na akong naiilang. Para bang kinakausap niya ako gamit ang isip habang nakatingin sa mga mata ko. Pero hindi ko iyon maintindihan at makuha.

"Bakit ganyan ka makatingin, babe?" tanong ko.

"Kasi ngayon ko lang naisip kung gaano katanga 'yong naging desisyon ko para ipain ka sa mga 'yon."

"Taguro, ayos lang naman ako. Wala namang nangyari sa 'kin, 'di ba?" Inilahad ko ang magkabila kong kamay at ipinakita ang kabuuan ko sa kaniya. **"Babe, I'm fine. Ang mahalaga ay nakita natin kung nasaan sila."** Humakbang ako papalapit at inalis ko ang ilang hibla ng buhok na nakaharang sa mata niya. **"Sa gano'ng paraan man lang ay makatulong ako."**

"Hindi mo obligasyon ang tumulong sa ganito kadelikadong paraan."

"Pero nangyari na ang lahat, Taguro," nakangiti kong sabi para hindi siya makonsensya o mainsulto. **"At masaya ako na naging matagumpay ang plano natin,"** sinserong dagdag ko saka ako sumeryosong muli. **"Pero may hindi ako maintindihan, Taguro."**

"Ano 'yon?"

"Bakit hindi ka pa nagsama ng mga pulis? Gusto mong makulong sila, 'di ba? Pwedeng-pwede mo silang ipahuli kanina, babe. Magandang pagkakataon na 'yon dahil wala na silang takas," malumanay kong sabi, sa paraang hindi mag-iinit ang ulo niya.

Bumuntong hininga siya saka naupo sa sofa. Agad naman akong naupo sa tabi niya. Sinadya kong iharap nang bahagya ang katawan ko sa kaniya para maintindihan ko anumang eksplanasyon ang kaniyang ibibigay.

Pero nabigla ako nang wala sa sarili niyang kunin ang kamay ko. Hinawakan at pinisil-pisil niya iyon gamit ang dalawang kamay. Paulit-ulit siyang bumuntong-hininga bago tumitig sa kawalan.

"Dahil hindi ko kayang sa gano'n na lang magtapos ang lahat," mahinang sabi niya.

Natigilan ako. **"Ano ang ibig mong sabihin, babe?"** nagugulat kong tanong. Lalo akong napabaling sa kaniya. **"'Wag mo sabihin sa 'kin na may pinaplano ka pang gawin?"** Hindi ko naiwasang magkunot ng noo. Pakiramdam ko ay tama ang pagkakaintindi ko.

"Kulang na kulang 'yong nangyari kanina para pagbayaran nila 'yong ginawa nila kay Chairman Moon, Sensui. Hindi ako kontento kung makukulong lang sila."

Kinabahan ako bigla. Pakiramdam ko ay alam ko na agad ang ibig niyang sabihin at ang patutunguhan ng sinasabi niya. Bigla ay naisip ko ang sinabi ni Heurt ukol sa parusa kapag nakapatay si Taguro.

"Babe, ano ka ba?" Hindi ko malaman kung paanong isasatinig ang laman ng isip ko. **"Hindi mo obligasyong itama sila sa gano'ng uri ng pagkakamali. Hayaan mo nang batas ang maningil sa kanila."**

"Hindi ako naniningil, Sensui. Hindi nila inutang ang buhay ng Chairman, kinuha nila at hindi na maibabalik pa."

Nabigla ako. "Taguro?"

"Basta hindi ako naniningil, tapos."

"Ano ang tawag mo diyan sa pinaplano mo? Tch. Babe, palalakihin mo lang lalo ang gulo. Ipagpaubaya mo na sila sa mga pulis. Please? Nag-aalala ako sa 'yo, eh."

"Sa akin pa talaga?" mayabang na namang aniya, punong-puno ng kompyansa sa sarili.

"Babe," ako naman ang humawak sa mga kamay niya. Deretso siyang napatitig sa 'kin. **"Alam kong gusto mo na rin ng katahimikan. Gusto mo na rin ng normal na buhay. Hayaan mo na ang mga Rewis, babe. Please?"**

"Tss. Rewis-Rewis..." dinig kong bulong niya.

"Babe..." Hinawakan ko siya sa pisngi upang magtama ang paningin namin. **"Tama na, okay?"**

Hindi siya nagsalita. Muli siyang tumitig sa akin na para bang iyon ang unang beses niya akong makita. Bumuntong-hininga siya at umayos sa pagkakaupo. **"Marami akong batas na kayang buwagin, pero kapag ang salita ay sa 'yo nanggagaling,"** binitin niya ang sinasabi saka ngumiwi. **"Parang kailangan kong sundin."**

"Hindi ko maintindihan, Taguro," napapangiting sabi ko.

Ngumiwi siya lalo. **"Malamang..,"** bulong niya.

"Ano nga 'yon?"

"Tss. Ang arte mo."

"Anong maarte?"

"Simple lang ang ibig sabihin no'n kaya 'wag kang kiligin."

"Tch." Hindi na ako nagsalita pa. Pakiramdam ko, isang banat ko pa ay mapuputol na ang manipis at maiksing pisi ng pasensya niya. **"Taguro,"** mayamaya ay muling tawag ko.

"Mm?"

"Sino si H.E.R.?" inosenteng tanong ko.

Agad na nangunot ang noo niya at matagal na namang tumitig sa 'kin. **"Bakit mo naitanong?"**

"Narinig ko kasi--"

"Hello, Maxwell!" Naputol nang malakas na tinig ni Yaz ang dapat na sasabihin ko.

Sa gulat naming pareho ay napabaling kaming dalawa sa gawi na pinanggalingan ng boses niya. Kinailangan ko tuloy na alisin ang mga kamay ko sa pagkakahawak ko sa mukha ni Taguro.

Kabababa lang ng hagdan ni Yaz at nakapako ang paningin sa kararating lang na si Maxwell. Ni hindi man lang siya nito tinapunan ng tingin. Dumeretso si Maxwell sa harap namin at inilapag ang bibit na paperbag sa center table. Tumingin siya sa amin ni Taguro saka naupo sa pang-isahang sofa.

"Kumusta ang lakad ninyo?" kaswal na tanong niya. Sobrang kaswal na para bang ang naging lakad namin ay panonood lang ng sine.

Grabe... tsk. Kakaiba talaga sila!

"Ayos naman," sagot na Taguro na para bang isang simpleng pangyayari lang ang nangyari kanina. Sobra ring simple na para bang inutusan lang kaming maghatid ng ulam sa kabilang bahay.

"Kailan ka mag-e-enroll? Nursing department is now open for enrollees, Pein." Gano'n kabilis binago ni Maxwell ang usapan.

"'Aga naman?"

"Kapag medical field ay maaga talagang mag-open ang enrollment. Maraming enrollees."

"Next month na lang siguro. Patapos naman na ang buwan na 'to," malamyang tugon ni Taguro.

"Excuse me," bigay na bigay na ani Yaz. Sinadya niyang tumayo sa harapan ni Maxwell para mapansin siya. **"Galit ka ba sa 'kin?"** Pinagkrus niya ang mga braso.

Kunot-noo siyang tiningala ni Maxwell. Kalmadong-kalmado ito sa pagkakaupo, ang dalawang braso ay prente sa pagkakalapat sa armrest. **"Bakit ako magagalit sa 'yo?"**

"Hindi mo kasi ako pinapansin."

"Madalang naman akong mamansin ng tao."

"Lahat ay pinapansin mo, except sa akin, 'no!"

"Baka dahil hindi ka tao? Maingay ka kasi masiyado."

"Psh," pasimpleng singhal ni Yaz bago siya muling binalingan. **"Galing ka sa work?"**

"Why?"

"Nagtatanong lang. Napakasungit mo naman."

"Don't talk to me."

"Galit ka talaga sa 'kin, eh! Ano ba'ng ginawa ko sa 'yo?"

"Ganyan lang talaga 'yan," sabat ni Taguro.

Mataray siyang nilingon ni Yaz saka muling bumaling sa kapatid nito at namewang. **"Ayaw mo siguro sa boses ko?"**

"Siguro."

"Ayaw mo sigurong nandito ako?"

"Maybe?"

"Ayaw mo rin bang nakikita ako nang madalas?" nakangising tanong ni Yaz.

"I can stand a week without looking at you, Zaimin Yaz, even if we're living under the same roof."

"Really? Nice to hear that, Doctor Maxwell Laurent del Valle!" nagmamayabang ang tinig niya. **"Anyway, nag-apply ako bilang receptionist sa BIS."**

"So?" matabang na tugon ni Maxwell.

"Interview ko bukas at sisiguruhin ko sa 'yong matatanggap ako!"

"Nobody cares, Yaz." Walang kagana-gana si Maxwell.

Gusto kong matawa dahil kakaiba sa amin ni Taguro ang eksena nila. *Magkaaway rin naman kami noon pero hindi kakikitaan ni isa sa amin kung sino ang may interes. Hahaha!* Halata kasi kay Yaz na may gusto siya kay Maxwell, kahit sino yata ay mapapansin iyon. Pero ang kapatid ni Taguro, gaya niya, ay mukhang hindi interesado. Hindi siya kakikitaan ng kahit katiting na interes kay Yaz. Pero mukhang walang pakialam ang babae kung mahalata siya, wala rin siyang pakialam kung hindi siya gusto ng binata. Nakakabilib na kaya niyang ipakita nang harapan ang interes niya kay Maxwell.

"Matatanggap ako! At makikita mo ang magandang mukhang 'to, araw-araw! Hanggang sa off mo, dahil nasa iisang bubong lang tayo. Hehehe!"

"Good luck," matagal bago sumagot si Maxwell. Malamya niyang tiningnan ang sariling kuko, isa-isa.

"Don't worry, dadalhan kita ng coffee parati."

"Nasa 'baba lang yata ang reception, Yaz?" hindi nakatiis na sabat ko. **"Kung hindi ako nagkakamali ay may sariling quarters ang mga doktor, estudyante man o hindi, at nandoon lang sila parati. Lumalabas lang sila kapag may pasyente na."**

"What do you mean?" baling ni Yaz sa 'kin.

"Hindi mo rin siya makikita parati dahil paniguradong nandoon lang siya sa quarter buong duty. Lalabas lang si Maxwell para bisitahin ang pasyente niya tapos babalik na ulit sa quarter. At nasa ground floor lang ang reception, doon ka lang magdamag. Kung may kailangan ka

sa 'taas ay itatawag mo lang, hindi mo pwedeng iwan ang post mo. Habang siya naman ay nasa 'taas," mahabang paliwanag ko. Nilingon ko si Maxwell na noon ay ngingisi-ngisi na nang palihim.

"Oh, my God! Why didn't you tell me!" pasinghal na baling ni Yaz kay Maxwell.

"You really expect me to tell you? Do I care for you?"

"Ouch!" Napahawak si Yaz sa sariling dibdib habang nakatingin kay Maxwell. **"Fine! Fine!"** Isinuko niya ang parehong kamay saka bumaling sa 'min ni Taguro. **"Ano ang pwede kong gawin para parati kitang makita? Mula sa trabaho hanggang sa paghiga mo sa kama! Ano?"**

Nangalumbaba si Maxwell saka itinakip ang kamay sa bibig niya. Sa ganoong sitwasyon siya bumuntong-hininga habang ang mata ay nakatuon kay Yaz.

"You're--"

"Crazy?" natatawang pinutol ni Yaz ang dapat na sasabihin ni Maxwell.

"Scary," pagtatama ni Maxwell.

Nanlaki ang mga mata ni Yaz. **"You...!"** Dinuro niya si Maxwell pero hindi malaman kung anong salita ang isusunod sa naunang sinabi. **"Ang sama ng ugali mo, ah!"**

Natawa ako. **"Mag-janitress ka."**

"What?" nagugulat na bumaling sa 'kin si Yaz.

"Oh, why not? Marangal na trabaho 'yon. Ka-close ko nga lahat ng janitors noon."

"Seriously, Deib Lohr?"

"Maniwala ka sa kaniya, Yaz," banat ni Taguro. **"Nakakasama niya sa kalokohan ang mga janitors ng BIS. Gano'n siya kagaling sa pambu-bully."**

"Tch. Kailangan talagang parati kang may linya, eh, 'no, babe?"

"Bakit, hindi ba't totoo naman?"

"Kailangan mo pa ba talagang banggitin 'yon?"

"Nakaka-miss kasi." Ngumisi pa siya.

"Tch! Libang na libang kang balikan ang nakaraan natin, 'no, Taguro?" sarkastiko at nakangiwing sabi ko. **"Masarap ba sa pakiramdam mong balikan kung paano akong nagkagusto sa 'yo?"**

"Eh, kung sabihin kong, oo?"

Bahagyang nanlaki ang mga mata ko. **"Ginagawa mo 'yon?"** Pinigilan kong mangiti.

"Ang alin?"

"Ang balikan ang nakaraan natin, kung paano ka na-in love sa 'kin?"

"Oo nga, tsk."

"Talaga??"

"Oo," tinatamad nang sagot niya.

"Anong pakiramdam?"

"'Sakto lang."

"Anong 'sakto lang?" kunot-noong tanong ko. *Nakakainis! Hindi na lang sagutin 'yong tanong, ang dami pang yabang! Tsk!* **"Ano ngang pakiramdam mo kapag binabalikan mo 'yong nakaraan natin, Taguro?"**

Bumuntong-hininga siya, parang sisilab na agad ang galit niya. **"Nakakainis na nakakatuwa, gano'n."**

Umusod ako nang umusod hanggang sa maglapat na ang balat naming dalawa. **"Kapag binabalikan mo 'yong alaala nang nakaraan, saan ka nagsisimula?"**

"Doon sa kami pa ni Randall," deretsong sagot niya, ni walang halong alinlangan.

Natigilan ako hanggang sa unti-unting mangunot ang noo ko. *Bwisit! Ang pangit talagang magbiro nito kahit kailan!* **"Ano!"** singhal ko.

Tumawa siya. **"Doon naman talaga nagsimula 'yon, 'di ba?"**

"Ako lang dapat, Taguro! Bakit kasama pa siya?!"

"Dahil kung hindi dahil sa kaniya ay hindi tayo magkakakilala."

"Taguro, tayong dalawa ang nakatakda para sa isa't isa! Naging kayo man o hindi ay mamahalin mo 'ko at mamahalin kita!" wala sa sariling sabi ko. Tumaas ang kilay at bahagyang nanlaki ang butas ng ilong niya. Binigyan niya ako ng tingin na para bang iyon na ang pinakanakakagulat na linyang narinig niya.

"What the hell?" nakasukong ani Maxwell.

Hindi ko siya pinansin. Itinuon ko kay Taguro ang aking paningin. **"Kung gano'n ay binabalikan mo pa rin pala 'yong sa inyo ni Randall? Gano'n ka ka-bitter, Maxpein?"**

"Tss. Anong bitter? Kasama 'yon do'n. Kasama 'yon do'n, Sensui. Kasama 'yon do'n, okay?" paulit-ulit niyang sabi.

"Pwede mong balikan ang nakaraan nang hindi siya iniisip, babe!" sabi ko habang tinutusok-tusok ang pisngi niya.

Tumawa siya habang nakatingin kay Maxwell na inilingan lang kami. **"Oh, sige, sa susunod ay 'yong tayong dalawa na lang. 'Wag ka nang ngumuso."**

"Tch! Eh, paano 'yong mga nakaraan na naisip mo siya? Gano'n na lang 'yon, babe?"

"Wala lang naman 'yon sa 'kin, Sensui," aniya sabay hawak sa kamay ko. Tinapik-tapik niya 'yon na para bang napakaliit na bagay iyon.

"Hindi ko matanggap na kapag inaalala mo ang nakaraan natin ay kasama siya! Ayaw ko ng gano'n, babe! Ayaw ko no'n, Taguro!" naiinis talagang sabi ko.

"Sige! Titigilan ko nang mag-isip, king ina!" angil niya sabay bitaw sa kamay ko.

"Babe!" Agad kong kinuha pabalik ang kamay niya. **"Sige, hindi na. Mag-isip ka nang mag-isip basta kasama ako. Mas maganda kung ako na lang iisipin mo. Ako lang, 'yong wala nang iba. Hehehe."**

"Tss."

"Galit ka na ba niyan?"

"Abnormal ka talaga, eh."

"Pareho lang naman tayo, Taguro, hehehe. Kaya nga nagkaro'n ng ikaw at ako."

"Tigilan mo nga ako, binubwisit mo 'ko, eh."

"Kapag sa 'kin ay napakaikli na lang parati ng pasensya mo. Kapag sa ibang tao, napakahaba. Ako ba talaga ang mahal mo, Taguro?"

"Sila."

"Ano!"

"'Yan. Ganiyan na ganiyan ka, eh. Magtatanong ka ng ganiyan kahit alam mo naman na ang sagot. Ipipilit mong may iba kahit wala naman talaga. Kapag inasar kita, ikaw pa galit."

"Iba ka nang manumbat ngayon, Taguro, ah!"

"Naiinis na 'ko, Sensui." Sumeryoso siya.

"Ewan ko sa inyo!" singhal ni Yaz saka bumaling papatalikod sa amin.

"Yaz," pagtawag ni Taguro.

"What?"

"Kung ako sa 'yo ay mag-aral ka na lang ng BS Nursing. Paniguradong parati mong makakasama si Maxwell no'n." Agad na nanlaki ang mga mata ni Yaz. **"'Di ba, *Hyung*?"** dagdag ni Taguro sabay ngisi. Nang tingnan ko si Maxwell ay masama na ang tingin niya sa kapatid.

"Oh, my! So fetch! Sige! Sige! Enrollment na 'kamo, 'di ba?" baling ni Yaz kay Maxwell na noon lang siya uli tiningnan. **"Mag-e-enroll ako, bukas na bukas!"** Hindi niya na nahintay pa ang reaksyon ni Maxwell, nagtatakbo na siya paakyat sa kwarto.

"Bakit mo sinabi 'yon?" bwelta ni Maxwell sa kapatid.

"Mukhang patay na patay sa 'yo, eh."

"So?"

"Para magkakulay naman 'yang buhay mo."

"May kulay ang buhay ko, Pein."

"Oo, itim at puti."

"What?"

"Meron ka na ng lahat, Maxwell, babae na lang ang kulang. I-try mo, wala namang pumipigil sa 'yo. Para maranasan mo, at para mabawasan na rin 'yang ganiyang ugali mo. Daig mo pa ang babae sa sobra mong sungit."

"Hindi ko kailangan ng girlfriend." Sumeryoso si Maxwell, halatang naasar.

"*Noona*," eksaktong nangibabaw ang tinig ni Maxrill na noon ay nakatunghay sa amin mula sa itaas. Sabay na napatayo sina Maxwell at Maxpein.

"What happened to you?" alalang tanong ni Maxwell. Hindi na niya hinintay pang sumagot ang bunso. Halos talunin niya ang mga hagdan paakyat, para malapitan lang agad ang namumutlang si Maxrill.

"I am not feeling well, *Hyung*," malungkot na ani Maxrill. Wala na halos kulay ang kabuuan ng mukha niya. Maging ang mga labi niya ay namumuti na.

Agad namang sumugod paakyat si Taguro. Napakilos na rin ako papasunod sa kanila. Agad na pinakiramdaman ni Maxwell ang temperatura ni Maxrill at ikinumpara sa sarili. Noon ko lang nakitang mag-alala nang sobra sina Maxwell at Maxpein para kay Maxrill. Malayo sa pag-aalalang nakita ko noong nasa bingit kami ng kamatayan sa kamay ng mga Rewis.

Sa lagnat ay natatakot sila, pero sa mga Rewis ay hindi. Nice. Gusto kong matawa pero baka magalit sila sa akin.

"Mainit ka," pabulong ni ani Maxwell. Iniangat niya ang mahabang manggas ng polo na suot ni Maxrill at tiningnan ang balat nito sa buong braso. **"May masakit ba sa 'yo?"**

"My head aches, also my back."

"Mataas ang lagnat mo, Maxrill. You must be very tired. Come."

Agad na inalalayan ni Maxwell ang kapatid papasok sa kwarto, sumunod naman kami ni Taguro. Hindi ko malaman ang mararamdaman ko nang panoorin ko sina Maxwell at Taguro na magkatulong alagaan si Maxrill. Kahit halatang gusto nilang pagalitan ang bunso ay makikita ang kanilang pagpipigil. Sabi ni Taguro ay napabayaan ni Maxrill ang sarili, madalang itong kumain hindi gaya nang madalas nitong gawin. Hindi rin daw nila masyadong nabantayan si Maxrill habang nasa Korea dahil pare-pareho silang abala.

"May gusto ka bang kainin? Ipapaluto ko," sabi ni Taguro.

Agad na umiling si Maxrill. Malungkot at matamlay ang buong mukha niya. **"I am not feeling well, *Noona*."**

Mayamaya lang ay sumunod ang nag-aalalang si Maze. Ipinagluto rin naman agad ni Heurt ng makakain si Maxrill. Bagaman ganoon ay sabay-sabay naming pinagsaluhan ang inilutong hapunan ni Heurt. Ang paborito kong bistek ang isa sa mga inihain niya. Bukod doon ay may laing, lechong baboy at spareribs. Naglabas din si Mokz ng wine at gumawa naman ng masarap na dessert si Parrot.

Palibhasa ay unang gabi nina Taguro dito mula nang umalis sila, napuno ng kwentuhan ang hapunan namin. Masaya nilang binalikan ang nakaraan kasama si Chairman Moon. Ikinuwento ni More kung gaano kaluwag sa kaniya ang ama noong binata siya, at kung gaano kahigpit noong mag-asawa. Si Mokz naman ay ibinahagi kung gaano kabait ang Chairman, halos magkapatid na raw ang kanilang turingan. Pinuno ni Mokz ng tawanan ang buong sandali. Kahit hindi na siya ang bida sa kwentuhan ay nakakapagsingit pa rin siya ng katatawanan.

Nahuli man ay hindi nagpaawat sa kwentuhan si Maze, sinabi niya sa lahat kung gaano kaistrikto ang Chairman pagdating sa trabaho at kung gaano kaluwag naman sa t'wing tutulong sa tao. Sinabi niya rin sa lahat nang naro'n kung gano kahalaga ang pag-aaral kay Chairman Moon. At ang pinakaumagaw sa interes ko ay nang ibahagi niya ang mga kalokohan ni Taguro na siyang ikinagagalit ng Chairman. Naging emosyonal naman ang lahat nang sabihin nilang lahat kung gaano kamahal ng Chairman ang pamilya niya, lalo na ang kaniyang tatlong apo.

At mas naging emosyonal pa nang si Taguro ang naging sentro ng usapan. **"Hindi namin inaasahan ang isang Maxpein sa pamilyang ito,**

kaya sa tatlong apo ay siya ang pinakaespesyal sa kaniyang lolo," ani More.

Nakangiti man ay nangunot ang noo ko. *Espesyal si Taguro kay Chairman Moon.* Hindi ko alam kung bakit gusto kong itanong kung bakit. Parang bukod sa pagkakaintindi kong dahil mahal nila si Taguro kahit iba ang ina nito, ay may iba pang dahilan.

Buong hapunan ay nakangiti lang ako habang nakikinig sa kanila. Tatawa mayamaya at hahalakhak kasabay ng lahat. Napakasarap at masaya sa pakiramdam na balikan ang alaala ni Chairman Moon. Hindi man niya ako tunay na apo ay ipinaramdam naman niya sa akin na handa siyang maging ikatlong lolo ko. Walang katulad ang pakiramdam.

Pero sa t'wing maiisip ko ang nangyari kanina lang, nang makaharap namin ang mga Rewis, gusto kong matawa. Para bang nakalimutan na agad nila 'yon, animong hindi nangyari. Matagal ko na silang kilala at nakakasama, pero hanggang ngayon ay hindi ko maintindihan kung paano nila nagagawang isipin ang mga ganitong bagay sa gitna ng kapahamakan, hapunan. Hindi ko makuha kung paano nilang naiisip ang reyalidad, ang mga normal na gawain sa araw-araw habang nasa peligro ang aming buhay. Sadyang kakaiba. Talagang sanay na sila sa ganoong klase ng sitwasyon kaya naiisip nila ang ibang mahahalaga pang bagay na nangyayari at kailangan sa buhay nila.

"Aakyat na kami, late na," paalam ni Taguro nang magkayayaan nang matulog. Kalahating oras na lang ay alas onse na ng gabi. Tatawa-tawa naming pinansin ang oras dahil pare-pareho namin iyong hindi namalayan.

"Saan ka matutulog?" tanong ni More.

"Sa kwarto ko."

"Kasama si Deib Lohr?" kunot-noong tanong ni More, nilingon pa ako.

Inosente akong tiningnan ni Taguro. **"Kung gusto mo ay sumama ka rin."**

"Maxpein?"

"Kung ayaw mong magsama kami sa kwarto ko, eh, di kayo ang magtabi?"

"Hoy, Taguro," pabulong na asik ko.

"Tss. 'Wag kang mag-alala dahil wala naman kaming gagawin." Kay More pa rin siya nakatingin.

"Dapat lang, dahil hindi pa ako handang maupo bilang Chairman." Ngumisi si More, hindi ko naman sila naintindihan. **"Sige na, magsitulog**

na kayo."

"Goodnight," iyon lang at tinalikuran na sila ni Taguro. Tumango ako sa lahat bago tuluyang sumunod sa kaniya. **"Talaga bang walang balak ang Chairman ninyong tumuloy dito sa mansyon?"** Hindi ko inaasahang itatanong niya iyon habang naglalakad kami papunta sa kwarto niya.

Hindi ako nakasagot agad. Noong una ay pumayag si Chairman Enrile na manatili sa mansyon ng mga Moon. Pero dalawang araw pa lang ang inilalagi niya ay nagpaalam na itong aalis at babalik sa sariling bahay. Natural, hindi siya pinayagan ni Maze. Ang dahilan naman ni Chairman ay marami siyang trabahong mapapabayaan. Pero nadinig ko ang usapan nila ni Lolo Dei Min. Hindi matagalan ni Chairman ang kahihiyan at sakit na idinulot niya sa pamilyang kasalukuyang kumukupkop sa amin.

Hindi nagtagal at hinayaan nina Maze at Heurt na umalis si Chairman Enrile. Kasama niya si Lolo Dei Min sa sariling bahay, nagpadala rin ng napakaraming tauhan ang mga Moon para meron silang makasama.

"Marami kasing ginagawa si Chairman ngayon, Taguro," palusot ko na lang. **"Ano, dating gawi tayo?"** iniba ko ang usapan.

Taka niya akong nilingon bago pumasok sa pinto. **"Anong dating gawi?"**

"Sa sofa ka at sa kama ako, hahaha," kunyaring biro ko.

"Sige."

"Sigurado ka?"

"Kahit saan naman ako matulog ay ayos lang, hindi ako mapili sa tulugan," naglalakad na aniya habang isa-isang hinuhubad ang ilang damit na suot niya.

"Kahit sa sofa?" nakangising tanong ko habang sumusunod sa likuran niya.

"Kahit sa sofa."

"Kahit sa sahig?"

"Kahit sa sahig."

"Kahit sa kama?"

"Natural, kahit sa kama."

"Sige, doon tayo sa kama." Binihag ko siya mula sa likuran matapos sabihin 'yon. Napangisi ako nang maramdaman ko siyang magitla. **"Matutulog ka ngayong gabi sa tabi ko, Taguro."**

"Wala akong sinabing gano'n, Sensui."

"Ang sabi mo ay matutulog ka kahit saan at hindi ka namimili ng tutulugan."

"Oo nga, pero ikaw na ang nagsabi, dating gawi. Sa kama ka at sa sofa ako."

"Hahayaan ko ba namang matulog sa sofa ang reyna ko?"

"Eh, di ikaw ang sa sofa, ako ro'n sa kama. Hindi na dapat pinagtatalunan 'yan, Sensui."

"Ayaw ko sa sofa, hindi ako kasya," pang-aasar ko.

"Kaya nga ako na lang ang sa sofa, kasya ako ro'n."

"Maliit ang sofa mo, hindi ka rin kakasya ro'n."

"Hayaan mo, magpapagawa ako nang triple sa sukat niyan," angil niya. **"King ina,"** dinig kong bulong niya.

"Pwede rin namang ano, babe..."

"Ano?"

"Doon." Inginuso ko ang kama sa kaniya. **"Hehehe, may utang ka pa sa 'kin, 'di ba?"**

"Tss. Sa ganiyan bagay ay hindi ka talaga nakakalimot, 'no?" naaasar na aniya sabay kalas mula sa pagkakayakap ko. **"Maliligo na muna ako."**

Napanguso na lang ako at hindi na nagtangkang lumapit pa sa kaniya. Sinundan ko siya ng masamang tingin. *Parati na lang siyang umiiwas sa halik ko, ayaw ba talaga niya no'n? Tch! 'Sabagay, baka nga kaya gusto niyang maligo ay dahil alam niyang hahalikan ko siya. Bwahahaha! Napakatalino mo talaga, Deib!*

Naupo ako sa sofa at nagtanggal ng sapatos. Sumandal ako saka inihilig ang batok ko. Napatitig ako sa kisame saka ako napangiti. Naalala ko kasing nang nakaraang gabi lang ay nasa ganoong posisyon din ako at iniisip kung kailan ko ulit makakasama si Taguro. Ngayon ay 'eto at kasama ko na siya sa kwarto.

Inilabas ko mula sa aking bulsa ang pasalubong niyang keychain. Napangiti ako.

Marunong na pala siyang makaalala ngayon. Hindi gaya dati na para bang pasan niya ang problema ng buong Pilipinas, hindi man lang maalalang merong isang tulad ko na naghihintay at nagmamahal sa kaniya. Hahaha!

Pero sa gitna ng pagkakangiti ko ay bigla akong nakaramdam ng kaba. Dahan-dahang nawala ang ngiti sa labi ko, maging ang tuwa na aking

nararamdaman kanin. Biglang pumasok sa isip ko ang mga nangyari. Nararamdaman kong hindi pa tapos ang lahat. Nag-alala ako bigla lalo pa at hindi ugali ni Taguro ang magsabi tungkol sa mga balak at kilos niya. Kinakabahan ako na baka ganito lang ang ipinapakita niya ngayon, pero sa likod ng isip niya ay nando'n ang mga planong anumang oras ay pwede niyang gawin.

Hindi ko tuloy maiwasang alalahanin kung paano niya akong pilit na pinaamin tungkol sa nangyari sa pagitan namin nina Eerah, Almeyra at mga kaibigan nila. Kung bakit ako dinala sa Amerika. Lahat ay ikinuwento ko sa kaniya. Nalaman ko na lang ay inisa-isa niya ang mga ito.

Ang binitiwan niyang salita kay Eerah Anitha... Saulo ko pa ang sinabi ni Taguro bago namin iniwan ang mga Rewis kanina. Naging saksi ako kung gaano karaming dahilan ang iniipon niya bago niya magawang gantihan o labanan ang sinumang bumangga sa kaniya. Nagdadalawang-isip naman ako kung sapat na bang idahilan ang ginawa ng mga Rewis para gantihan o labanan niya ang mga ito sa kaparehong paran? Kinakabahan ako sa t'wing maiisip kong makakapatay siya ng tao.

"Maligo ka na." Halos mapatalon ako mula sa pagkakaupo nang biglang magsalita sa likuran ko si Taguro. Pakiramdam ko ay biglang nanakit ang dibdib ko.

"Nakakagulat ka naman, eh!"

Pinagtakahan niya ako. **"Ano ba ang nakakagulat sa pagligo?"**

"Ibig kong sabihin ay 'yong biglang pagsulpot mo!"

"Masyado kang nerbyoso. Tss. Maligo ka na, inaantok na ako."

"'Wag mo 'kong tutulugan, Taguro."

"Bahala na kung gising pa ako pagkatapos mo," aniya na dumeretso sa estante at naglagay ng kung ano-anong pamahid sa katawan at mukha niya. **"Maligo ka na, 'wag mo 'kong panoorin, bading."**

Inis akong tumayo, at hindi ko inaalis ang tingin sa kaniya habang papalapit ako sa estante para hablutin ang bath robe ko. Nananatili pa rin kaming nakatingin sa isa't isa hanggang sa makapasok ako ng banyo.

Kapag mag-asawa na kaya kami ay ganiyan pa rin siya? Kailan naman kaya siya magbabago? Tch!

Binilisan kong maligo, syempre, kailangan kong maabutang gising si Taguro. Pero gano'n na lang gulat ko nang makitang wala siya sa kwarto pagkalabas ko ng banyo. Agad kong iginala ang paningin ko at namataan siya sa terrace. Bubuksan ko na sana ang sliding door nang bigla niyang

tapusin ang pakikipag-usap sa cellphone at bumaling sa 'kin. Nagmadali akong tumalikod at nagpunas ng buhok.

Gano'n ba kaimportante ang kausap niya at ayaw niyang may makakitang iba na nag-uusap sila? Tch!

"Sino'ng kausap mo?" tanong ko habang nakatingin ako sa salamin.

"Baka gusto mong magbihis muna?" Mula sa salamin ay tiningnan niya ang suot ko pa ring roba.

"Sino ang kausap mo?" kunot-noong tanong ko matapos harapin siya.

"Tauhan namin 'yon."

"Tch."

"Oo nga."

Inis akong tumalikod at nagpatuloy sa pagpupunas. Pasimple kong pinanood sa salamin ang pag-upo niya sa gilid ng kama. Inalis ko lang ang tingin sa kaniya nang mag-angat siya ng paningin sa gawi ko.

"Galit ka na naman ba?" tanong niya mayamaya.

"Hindi."

"Galit ka."

"Alam mo naman pala, eh," sarkastikong sabi ko.

"Tauhan namin 'yon, Sensui, believe me."

"Oo, naniniwala naman ako parati sa 'yo. 'Yon lang naman ang choice ko, eh. Hehe."

"Eh, bakit nagagalit ka pa rin?"

Hindi agad ako umimik. **"Napakarami mo kasing sikreto."**

"Sinabi ko namang tauhan 'yon, 'di ba?"

"Tch. Hindi lang 'yon. Marami ka talagang sikreto."

"'Yong ngayon lang naman ang pinag-uusapan natin, bakit kailangan mo pang ungkatin 'yong iba?"

"Kasi naiipon lang 'yon, Taguro. Napakahirap mong kilalanin. Para akong nagmahal ng babaeng hindi ko naman kilala. Ni hindi ko na nga alam kung tunay mo bang pangalan 'yong alam ko, eh? Tch. Hindi mo nga masabi kung sino si H.E.R., tch."

"Deib?"

"Paano, kapag nagtatanong ako, sinasagot mo rin ng tanong. Kung hindi naman ay iniiwas mo ang usapan. Minsan naman ay sumasagot ka nga, sinasabi mo namang hindi pwedeng malaman."

Napailing siya saka nagbaba ng tingin sa mga kamay niya. Nakita kong gumuhit ang konsensya sa mukha niya.

"Pero ayos lang, may mga batas kayo na wala ang normal na taong gaya ko, eh. Unfair nga lang. Kasi lahat sa 'kin ay alam mo, pero ikaw, ewan," wala sa sariling sabi ko.

Matagal siyang tumitig sa 'kin. Hindi niya nagawang magsalita.

Natigilan din ako sandali. Hindi ko alam kung saan ba nagmula 'yong mga sinabi ko. Para akong nakaramdam ng inis bigla sa hindi malamang dahilan.

Pero agad din akong kinain ng konsensya ko. Napapahiya akong sumulyap sa kaniya pero hindi na siya nag-angat pa uli ng tingin sa 'kin.

"Sige, matulog ka na," aniya na bigla akong tinalikuran.

Nanlumo ako sa sobrang inis. Hinabol ko siya at saka dinuro sa likuran. **"Ganiyan ka, eh, kapag may pinag-uusapan tayo ay parati kang umiiwas."**

Inis siyang humarap sa 'kin. **"Eh, paano? Para kang babae. Ikaw pa 'yong gumagawa nang pag-aawayan."**

"Anong pag-aawayan do'n, Taguro? Tinatanong lang kita. Maayos ang pagtatanong ko pero hindi mo sinagot kasi umiiwas ka. Hindi ako galit, naaasar lang ako. Ganiyan ang ugali mo, parati kang umiiwas kapag ganito na kaseryoso ang usapan."

"Eh, ano ang gusto mong sabihin ko? Akala ko ba ayos lang, dahil may mga batas kaming sinusunod?" Halatang naiinis na siya. **"Tapos ngayon..."** Hindi ko na naintindihan ang iba pang ibinulong niya.

"Anong sabi mo?"

"Wala."

"Meron, narinig ko."

"Eh, bakit itinatanong mo pa?"

"Hindi ko narinig, eh!"

"Anak ng tupa, oh..," muling bulong niya.

"Minumura mo ba 'ko?"

"'Asan ang mura ro'n? Naghahanap ka talaga ng pag-aawayan, eh." Muli siyang umiwas at umastang tatalikod na.

Bumuntong-hininga ako. **"Sige, bahala ka sa buhay mo."**

"Ano?" Bigla siyang humarap sa 'kin.

"Oh, ano rin?"

Tinitigan niya ako habang nakamaang at nanlalaki ang mga mata, parang hindi makapaniwala. **"Ano ba ang problema mo, Enrile?"** Humakbang siya papalapit sa 'kin, animong naghahamon ng away.

"Nothing."

"Yes, there is."

"I said nothing."

"Abnoy..," dinig kong bulong niya.

"Anong sabi mo?" halos pasinghal na tanong ko. **"Oh, sige, ikaw! Ikaw, ikaw ang problema ko, Maxpein."**

"Inano nga kita?" pasinghal din na tanong niya. **"Ikaw 'tong hindi ko maintindihan, Deib Lohr."** Noon niya na lang yata uli ako tinawag sa buong pangalan. Galit na talaga siya. **"Naghahanap ka kasi ng pag-aawayan."**

"Madali lang naman kasi 'yong mga tanong ko pero parang hindi mo maintindihan. Gusto kong malaman kaya kita tinatanong, Taguro. Pero parati mo 'kong iniiwasan. Ayaw na ayaw mong makilala kita. Gano'n ka kadamot sa 'kin pagdating sa pagkatao mo. Lahat ng tungkol sa 'yo, ayaw mong makarating sa 'kin. Wala kang tiwala sa 'kin."

"Sinabi mong ayos lang, 'di ba? Eh, bakit nagkakaganiyan ka bigla?"

"Anak ng..," inis din na bulong ko matapos mapahilamos sa mukha. **"Sinabi ko lang 'yon pero sa loob ko ay hindi 'yon totoo, Taguro. Wala ka talagang pakiramdam, 'no? Napakamanhid mo pa rin."**

Inis na naman siyang tumitig sa 'kin. Nilabanan ko naman ang masama niyang tingin. Pero hindi rin naman siya nagsalita. Wala siyang sinabi.

"Tch. See? You can't say anything. Because you're not willing to tell me everything or even a single thing." Kunot-noo ko siyang tiningnan. **"Sige, matutulog na ako. Good night."** Ako na ang unang tumalikod sa kaniya.

Nadinig ko siyang bumuntong-hininga at hindi ko man siya nakikita ay alam kong naro'n pa rin siya sa likuran ko at pinagmamasdan ang aking paglayo. Panigurado rin na kung ano-ano nang tumatakbo sa isip niya ngayon.

Hindi ko na siya pinansin pa at sa halip ay dumeretso na lang ako sa kama. Kinuha ko ang isang unan at kumot na ginamit ko sa pagtulog doon. Saka ako dumeretso sa sofa at doon nahiga. Pilit akong humarap sa sandalan, patalikod naman sa gawi ng kama niya, saka ako pumikit. Naglalayag ang isip ko pero patuloy ang pakikiramdam ko sa ikikilos ni Taguro.

Ilang saglit na namayapa ang katahimikan, hininga ko lang ang naririnig ko. Mayamaya pa ay narinig ko na ang mga yabag niya. Pero gano'n na lang ang gulat ko nang marinig ko ang pagsasara ng pinto.

Inis akong bumangon. Hindi ko makita si Taguro kaya nasisiguro kong siya ang lumabas do'n.

Sa'n naman kaya pumunta' yon? Sandali akong tumitig sa pinto. Agad na nagtalo ang isip at puso ko kung dapat ko ba siyang sundan. *Tch. Bahala siya.* Ako mismo ay hindi ko maintindihan ang sarili kong inis. Kaya sa halip na sundan si Taguro ay muli na lang akong nahiga.

Ngunit paulit-ulit ko mang pilitin na makatulog ay hindi ako dalawin ng antok. Nabibingi ako sa sobrang tahimik. Malakas sa pandinig ko ang bawat kalatik ng orasan. Bawat pitik ng segundo ay nangingibabaw sa tenga ko na para bang napakabagal ng takbo nito.

Alam kong sa loob ko ay hinihintay ko si Taguro.

Kunot-noo akong bumangon muli. Napatitig pa ako sa pintuan na para bang bubuka 'yon kapag gano'n ang ginawa ko. Pero hindi 'yon nangyari. *Alas tres na, nasa'n naman kaya 'yon?* Naiinis man ay kusa akong bumangon, nagtsinelas, nag-ayos ng nagulong t-shirt at saka naglakad papunta sa pintuan.

Napabuntong-hininga pa ako bago tuluyang lumabas ng kwarto. Pero gano'n na lang ang gulat ko nang makita kong nakapamulsang naglalakad na rin si Taguro papunta sa gawi ko. Nahinto siya sa paglalakad nang magtama ang paningin namin. Walang emosyon ang mukha niya, hindi man lang nagulat kung bakit bumangon ako bigla.

Hindi ko alam kung ilang oras na ang lumipas pero nasisiguro kong matagal. **"Sa'n ka galing?"** tanong ko pero hindi siya sumagot, ni hindi nagbago ang ayos at hitsura niya. **"Gabi na, matulog na tayo."**

"Matulog ka na."

"Sabay na tayo. Ako na ang matutulog sa sofa." Kahit na gano'n ang sinasabi ko ay hindi ko pa rin maibalik ang panunuyo sa boses ko. **"Sige na, pagod ka pa, eh. Magpahinga ka na."**

"Dito ako sa kabilang kwarto matutulog."

Natigilan ako. **"Taguro?"**

"Matulog ka na ro'n sa kwarto," aniya saka bumaling sa kaharap niyang pinto.

"Dito ka na rin, Taguro."

"Saka na 'ko matutulog diyan kapag malamig na ang ulo mo."

Muli akong natigilan, inantig ako bigla ng konsensya ko. *Napakaarte mo kasi Deib Lohr! Tsk!* Agad akong naglakad papalapit sa kaniya. Mabilis ko ring kinuha ang kamay niyang nakapasok pa sa bulsa.

"Babe, doon na tayo sa kwarto," pabulong halos na sbai ko.

"Ayos lang ako dito."

"Pero gusto kong doon ka."

"Napakarami mo namang gusto ngayon."

Napabuntong-hininga ako. **"Sige na, sorry na. Doon ka na sa kwarto."**

Hindi siya nagsalita. Tumingala siya sa 'kin at sinamaan ako ng tingin. **"Bakit ba kasi hindi ka na lang natulog?"**

"Hinihintay kita. Hindi ako makatulog kasi wala ka."

"Matapos mo 'kong awayin?"

"Babe naman? Sorry na. Sige na, doon ka na sa kwarto. Doon ka sa kama at ako sa sofa."

"Sige, mauna ka na."

"Sabay na tayo."

"Mauna ka na."

"Ayaw mo ba 'kong kasabay?"

"Sige, dito na lang ako sa kabila."

"'Eto na, babe." Nagmadali akong lumakad pabalik sa pinto ng kwarto niya saka ko siya muling nilingon. **"Dito ka, 'di ba?"** tanong ko nang makita kong hindi man lang siya umaalis sa kinatatayuan. **"Babe?"**

Hindi siya nagsalita. Basta na lang siya naglakad patungo sa 'kin at huminto nang magkaharap na kami. Tumingala siya at tumitig sa 'kin. Walang emosyon ang mukha niya.

"Bakit?" takang tanong ko.

"Buksan mo na 'yong pinto, anong bakit? Tsk," mainit ang ulo niyang sagot.

"Ay, sorry," sabi ko na agad binuksan ang pinto. Pinangunahan niya ako papasok dahilan para mabunggo pa niya ako. *Sungit.* **"Doon na tayo sa kama, babe,"** sabi ko nang makita ko siyang dederetso sa sofa.

"Ikaw na lang do'n."

"Oh, sige, ako na lang diyan."

"Ako na."

"Ako na, babe. Nandiyan na ang kumot at unan ko."

"Isara mo 'yong pinto," sabi niya habang naglalakad patungo na sa kama, nang hindi ako nililingon.

Pinanood ko pa siyang mag-ayos ng kama bago ko isinara ang pinto. Nakalapat lang sa kaniya ang paningin ko habang naglalakad naman ako papalapit sa sofa. Napanguso ako nang makita kong wala talaga siyang balak na patulugin ako sa tabi niya.

Hahayaan niya lang akong matulog at lamigin sa sofa?

Lalo akong napanguso. Iba ang lamig kapag sumasapit ang gabi. Nakakanginig sa sobrang lamig.

Muli kong sinulyapan si Taguro nang pumasok siya sa banyo. Hindi man lang ako nililingon. Hinintay ko rin siyang lumabas kaya nakita kong bago siyang hilamos at mukhang bago ring sepilyo. Sinadya kong iparamdam sa kaniyang pinapanood ko ang bawat kilos niya pero para akong hangin kung ituring niya. Para bang wala ako ro'n. Para bang wala kami sa iisang kwarto. Dinaan-daanan niya lang ako na para bang kaniyang-kaniya ang mundo.

"Hoy, Taguro," pagtawag ko nang makita ko siyang mahihiga na. Nilingon niya ako. **"Nasa'n ang halik ko?"**

Nakita kong tumaas ang kilay niya kaya pinandilatan ko siya ng mga mata. Naglakad siya papalapit sa 'kin nang walang karea-reaksyon. Nananatili naman ako sa pagkakaupo sa sofa.

Nang huminto siya sa harap ko ay basta na lang siya yumuko at hinalikan ako sa pisngi. **"'Yon lang?"** tanong ko nang muli siyang umayos ng tayo.

"Ano na naman ba?"

"Gusto ko 'yong matagal, syempre."

"Gaano katagal?"

"'Yong kahit..."

"Ano?"

"Kahit putukan ako..," pambibitin ko. Nangunot agad ang kaniyang noo. **"Ng liwanag, babe. 'Yong kahit putukan tayo ng liwanag dito. Gano'n katagal ang gusto ko."**

"Manyakis," mahinang-mahinang bulong niya. Natawa naman ako.

"'Wag ka nang magalit sa 'kin, babe? Please?" sabi ko matapos hawakan ang mga kamay niya. Nananatili siyang walang reaksyon. **"Sorry na, please?"**

"Tsk tsk," aniya habang umiiling.

"I love you."

"I love you, too."

"Kiss mo na 'ko, ulit."

Muli siyang yumuko pero bago pa dumapo sa pisngi ko ang labi niya ay hinila ko na siya papalapit. Dahilan para mapaupo siya sa hita ko nang nakatagilid.

"Ganito ang gustong-gusto mo, 'no?" sarkastiko at nakangiwi niyang tanong.

Ngumisi ako. **"Hindi, syempre. Iba ang gusto ko."**

"Ano?"

"Sa 'kin na lang 'yon. Halikan mo na 'ko."

"Ayoko."

"Eh, di ako hahalik sa 'yo." Hinawakan ko ang magkabila niyang pisngi at sapilitang iniharap sa 'kin.

"Aray ko naman."

"Hindi naman brutal 'yong ginawa ko, Taguro. Napakaarte mo naman. Hahalikan lang kita."

"Tsk." Iniiwas niya ang mukha sa 'kin. Napansin kong namumula siya kaya bigla akong natawa.

"Kinikilig ka?"

"Bakit ako kikiligin?"

"Syempre, malapit tayo sa isa't isa at alam mong may gagawin ako sa 'yo."

"Ano ba ang gagawin mo?"

"Hahalikan nga kita, may gusto ka pa bang iba?"

"Marami pa."

Nanlaki ang mga mata ko. **"Tulad ng ano?"**

"Sa 'kin na lang 'yon." Ngumisi rin siya.

"Anak ng...ano nga, Taguro!"

"Wala."

"Hindi mo sasabihin?"

"Hindi."

"Okay."

Sinamaan ko siya ng tingin saka ko iniyakap ang pareho kong braso sa kaniya. Bahagya niyang inilayo ang mukha sa akin pero agad ko siyang kinabig papalapit sa 'kin habang nakayakap ako sa kaniya. Ngumisi siya kaya napangiti ako.

"Galit ka sa 'kin?" tanong ko.

"Hindi."

"Ano lang?"

"Naaasar lang ako dahil inaaway mo 'ko sa mababaw na dahilan. Para kang babae."

"Nagtatampo ka sa 'kin?"

Tumango siya. **"Masyado ka kasing maarte."**

"Hindi na kita aawayin ulit, 'wag ka lang magtatampo sa 'kin," pabulong na sabi ko habang isa-isang tinitingnan ang bawat parte ng mukha niya. **"Ayaw kong nagagalit ka sa 'kin, ayaw ko ring nagtatampo ka."**

"Sinabihan mo pa 'kong maramot. Tss."

"Sorry na nga, eh," sabi ko habang nakatingin sa mata niya. Pero hindi ko na mapigilan sa paglilikot ang mga mata ko. Kusa akong napapatingin sa mga labi niya. **"Inaakit ako niyang labi mo, Taguro. Parang may hipnotismo."**

"Talaga? Eh, bakit hindi ka nahihinto sa sakit mo?"

"Bakit ako mahihinto?" nakangising tanong ko.

"Gano'n ang hipnotismo, matitigil ka."

"Gano'n ba? Ibang hipnotismo ang ginagawa mo kung gano'n, Taguro. Kasi mas pinakikilos mo 'ko," nakangising sabi ko.

Tinitigan ko siya sa mga mata at hindi na siya hinayaang sumagot pa. Siniil ko ng halik ang labi niya habang nakatingin kami sa isa't isa. Agad akong napapikit nang maramdaman ko ang mabilis na pagtugon ng labi niya. Gaya ng dati ay ibang pananabik ang naramdaman ko sa halik ni Taguro. Pero hindi gaya ng dati, mas matindi ang pananabik ko ngayon.

Para bang noon ko lang naramdaman ang lambot ng labi niya. Ang kakaibang lasa ng halik niya. Lahat ay para bang bagong-bago sa 'kin.

Pero hindi pa man kami tumatagal ng kalahating minuto ay nahinto na ako at kunot-noong napatitig sa kaniya. **"Uminom ka ba?"**

"Bakit?"

"Uminom ka!"

"Oh, eh, ano?"

"Bakit ka uminom?"

"Gusto ko, eh."

"Ano?" kunot-noong sagot ko.

"Galit ka na naman, gano'n?"

"Bakit ka nga uminom?"

"Naasar ako sa 'yo, eh."

"Lasing ka?"

"Mukha ba 'kong lasing?" Ngumisi siya.

Napangisi rin ako dahil sa malikot kong isip. **"Sana naglasing ka na. Hahaha."**

"Sira-ulo mo." Sinubukan niya akong kaltukan pero naagaw ko agad ang kamay niya.

"Ituloy na natin."

"Hindi ka pa ba tapos?"

"Mukha bang tapos na tayo, eh, nandiyan ka pa nga sa ibabaw ko? Gustong-gusto mo rin, eh."

Namula agad siya. **"'Kapal mo, ah?"**

"Oh, bakit, hindi ba?"

"'Lakas ng loob mo ngayon, ah?"

"Mahal kasi kita. Itutuloy ko na, ah?"

"Ugaling-ugali mo 'yong ganiyan, 'no? Hindi ba pwedeng ituloy mo na lang at 'wag ka nang magtanong? Diyan ako nahihiya kasi."

"Napakarami mong sinabi, alam ko namang gusto mo rin."

Hindi ko na naman siya hinayaang sumagot pa. Muli kong siniil ng halik ang labi niya at kusa na akong napapikit. Hindi ko inaasahan ang bigla niyang pagdiin sa labi ko dahilan para mapangiti ako. Napangiti rin naman siya habang maharan akong itinutulak papasandal sa sofa na kinauupuan naming pareho.

Kusang kumilos ang mga kamay ko. Taas-baba at paulit-ulit na hinahagod ang kabuuan ng likuran niya. Aakyat sa batok ang isa at paulit-ulit ding pipisil doon. Bababa at maghahanap ng maingat na hahawakan.

Kakaiba ang pakiramdam. Sa gitna ng halik ay hindi ko maiwasang mapangiti. Hindi ko alam ang dahilan pero meron akong kilig na nararamdaman.

Eksakto nang mawala ang ngiti ko ay si Taguro naman ang ngumiti. Dahan-dahan kong hinalikan ang ibaba niyang labi saka ako huminto. Nakita ko na naman siyang humabol sa labi ko pero hindi umabot.

"Anong iningingiti mo?" tanong ko sa malalim na boses, sa hindi malamang dahilan.

"May kung anong tumatakbo sa isip ko."

Lalong lumawak ang pagkakangiti ko. **"Pareho tayo. Anong sa 'yo?"**

"Sikreto."

Nagmamalaki ang ngiti ko nang tumango ako. **"Mananatiling sikreto sa 'ting pareho."**

"Okay." Hindi ko inaasahang susunggaban niya ako ng halik matapos sabihin 'yon.

Halik na mas madiin at mas nakakapanggigil. Sinakop niya ang buong ibabang labi ko at paulit-ulit 'yong siniil. Hanggang sa maramdaman ko ang napakalambot niyang dila na binubuksan ang mga labi ko. May kung anong kiliti 'yong idinulot sa buong katawan ko.

Kusa akong napahawak sa magkabilang bewang niya. Binubuhat ko ang bewang niya papaharap sa 'kin at nagustuhan ko ang pagpapaubaya niya. Napalunok ako nang maramdamdaman kong muli ang bigat niya sa 'kin sa ganoong posisyon na. Agad kong pinigilan ang paglilikot ng isip ko pero mukhang mahirap na pigilan ang paggala ng mga kamay ko.

Nabigla ako nang maramdaman ko ang init ng balat niya nang mangahas na pumasok ang mga kamay ko sa loob ng sando na suot niya. Ilang saglit lang ay nagsalin na ang lamig ng palad ko at init ng balat ni Taguro nang maglakbay ang kamay ko sa kabuuan ng likod niya.

Lalo niya akong isinandal hanggang sa mapahiga maging ang batok ko sa sandalan ng sofa. Nakatingala ako habang siya ay nakatunghay sa 'kin at lalo akong idinidiin, patunay kung gaano kalalim ang halikan namin.

Hinawakan ni Taguro ang leeg ko gamit ang dalawang kamay. Naramdaman ko ang init ng palad niya sa balat ko. Pinaglaro niya ang parehong daliri sa kabuuan ng panga ko hanggang sa umabot 'yon sa tainga ko. Ibabalik niya ang mga daliri sa panga ko at bababang muli sa leeg ko. Hindi ko malaman kung ano ang ginagawa sa 'kin ni Taguro pero gustong-gusto ko.

Nabigla ako nang kalasin niya ang pagkakalapat ng mga labi namin. Pero napapikit ako nang maramdaman ko ang halik niya sa pisngi ko, para bang alam ko na kung saan 'yon patungo. At nang halikan niya nga ang tainga ko ay dumiin ang pagkakapikit ko, kasabay niyon ay ang pagkagat ko sa labi ko. Paulit-ulit na nagmura ang isip ko. Sunod-sunod ang paglunok ko.

Ang hininga at dila ni Taguro ay pinatitindig hindi lang ang balahibo ko. Hanggang sa hindi ko na mapigilan ang parehong kamay ko nang marahas kong pisilin ang magkabila niyang tagiliran. Naramdaman kong umangat siya pero hindi siya napigil sa ginagawa.

"Maxpein..," bulong ko sa namamaos na tinig, sa paraang tila ba mauubusan ako ng hininga.

Pero sadya yatang mapaglaro siya sa gabing ito nang muli ay ulitin niya ang ginawa. Hinalikan niya ang tainga ko at hindi ko na mapigilan ang

pagwawala ng sistema ko. Dumiin nang dumiin ang pagkakahawak ko sa kaniya. At naramdaman ko na lang nang bahagya akong mapabangon mula sa pagkakasandal at hubarin ko ang pang-itaas na damit niya. Nagulat ako nang makitang naka-sando pa siya sa loob ng t-shirt. Pero mas nagulat ako dahil nagpaubaya siya.

Napatitig ako sa kaniya. Para akong naghahanap ng sagot. Hindi ko alam ang gagawin ko. Nagkukusa ang katawan ko pero ang puso ko ay walang ipinagbabago, parang mas tumitindi pa nga ang kaba nito. Gaya ko ay malamlam ang pareho niyang mata. Napalunok ako nang kunin niya ang mga kamay ko at ipatong ang mga 'yon sa balikat niya. Sa ginawa niya ay para bang hinahayaan niya akong gawin ang kung ano mang gusto ko.

Napasandal ako at nakapikit na tumingala. Sunod-sunod ang paglunok ko at pagmulat ko ay muli akong tumingin sa kaniya. Siya ang nakainom pero parang ako ang langong-lango habang isa-isa kong tinitingnan ang mga mata niya, paibaba sa ilong hanggang sa dumapo sa mga labi niya. Paibabang muli sa panga niya hanggang sa mahinto sa leeg niya. Hindi ko maintindihan kung bakit gano'n kagandang tingnan para sa 'kin ang mga buto sa bandang itaas ang dibdib niya. Nakagat ko na ang labi ko nang ang mga mata ko ay mas bumaba pa.

Naniningkit kong sinulpayan sa mga mata si Maxpein bago ko muling tiningnan ang bungad ng dibdib niya. Nang-aakit ang napakaputi niyang kulay. Para bang kayang-kaya kong mahimatay.

Dahan-dahang dumausdos ang parehong kamay ko, mula sa balikat niya papunta sa mga buto niya sa dibdib. Hindi magkalas sa pagkakatitig sa isa't isa ang mga mata namin. Pareho naming pinakikiramdaman ang mangyayari habang nakatingin sa isa't isa. Hindi ko maintindihan ang pakiramdam. Para kaming gumagawa ng napakatinding kababalaghan.

Hanggang sa mapapikit ako nang muli ko siyang mahawakan. *Maxpein...* At bago ko pa magawang magmulat ay kinabig ko na siya papalapit at muling siniil ng halik. Mas malalim, mas mapaghanap at mas mariin, at mas tumitindi pa dahil lumalaban siya. Lumalaban ng halik si Taguro, bagay na hindi niya madalas na ginagawa.

Pinaninindig ng lambot niya ang mga balahibo ko. Tuloy ay hindi ko mapigilan ang mga labi ko nang bumaba ng halik ang mga ito. Narinig ko ang tahimik na pag-ungol niya nang maramdaman niya ang mga labi ko sa leeg niya. Paulit-ulit na dumadampi sa balat niya.

Dumidiin ang mga kamay ko pagpisil at may kung ano sa sistema kong hindi ko na mapigilan. Inihiga ko siya sa sofa at ipinuwesto ko ang mukha ko sa mismong dibdib niya. Lumiyad siya nang maramdaman ang labi ko sa kaniyang dibdib at muling napaungol.

Pero hindi ako doon nakontento. Bumaba ang halik ko mula sa dibdib papunta sa tiyan niya hanggang sa umabot sa pusod at huminto sa puson niya.

Doon ako tila natauhan. Dumiin ang pagpikit ko at lalo akong naliyo. May kung anong nagliliyab sa paningin ko habang inaaninag ko ang mga mata niya. Pareho kaming naghahabol ng hininga at sobrang ganda niya sa paningin ko nang sandaling 'yon. Mas maganda kaysa sa gandang parati kong nakikita sa kaniya.

"I can't do this," hinihingal kong bulong.

"Ngayon mo sabihing wala akong tiwala sa 'yo," pabulong ding tugon niya.

Natigilan ako. *Taguro...* Kung ano-anong pumasok sa isip ko, inaalis ako sa makamundong pagnanasa ko. Muli akong napalunok bago ko nagawang makapagsalita. **"I love you and I am willing to wait for you. Always keep that in mind, babe."**

Bahagya siyang bumangon saka naupo sa harap ko. Napapikit ako nang hawakan niya gamit ang parehong kamay ang pisngi ko. Mas dumiin ang pagpikit ko nang muli kong maramdaman ang mga labi niya sa labi ko. Muling sinisiil ng halik ang kabuuan ko, pinabibilis ang pintig ng puso ko, ipinakikita sa 'kin kung gaano kaganda ang mundo.

Muling naglakbay ang mga labi niya papunta sa pisngi ko at muli akong binaliw nang halikan niya ang tainga ko. Saka niya ibinulong doon, **"I can't wait to give myself to you."**

Dumiin na naman ang pagpikit ko saka ako namamanglaw tumitig sa kaniya. **"You don't know how hard it is to stop myself from touching you, Maxpein. But, damn, you're making me want to taste you."**

Naningkit ang mga mata niya. **"Where?"** nakangising tanong niya.

Napangisi rin ako at dinampian ng halik ang labi niya. **"Somewhere...down there."** Tumawa siya. **"But I am willing to wait, just to have you."**

"I love you, too," pabulong na sabi niya at saka yumakap sa 'kin.

Napapangiti akong umiling. Paulit-ulit kong dinampian ng halik ang buhok niya saka ko siya binuhat at inihiga sa kama. **"I love you, good**

night, beautiful."

"I'll kiss you again tomorrow," aniya na animong lasing, para bang noon lang tinamaan ng alak na ininom niya.

"This hard?"

"Harder."

"Oh..," interesado kunyaring biro ko saka kami sabay na natawa. **"Good night, babe."**

"I love you, babe."

"Now you're mine again." Muli ko siyang hinalikan matapos sabihin 'yon.

"Always been yours, babe."

Nahiga ako sa tabi niya at pinanood ko ang pagpikit niya. Wala nang mas sasasaya pa pakiramdam habang ginagawa ko 'yon.

"Sa gabing 'to ay hinayaan mo 'kong panoorin ang pag-ikot ng mundo, Taguro..." Saka ko marahang ipinikit ang mga mata ko nang may ngiti sa mga labi.

~ To Be Continued. . . ~

OceanofPDF.com

CHAPTER 222 : THE VENGEANCE 4

CHAPTER 222 : THE VENGEANCE 4

Who's back with a vengeance?

CARGOSIN'S POV

"CARGOSIN?" dinig na dinig ko ang tinig ni Eerah Anitha, hindi pa man ako nagmumulat ng mga mata. **"Cargosin?"** muling pagtawag niya.

Napakunot-noo naman ako nang agad na manalaytay ang matinding sakit sa iba't ibang parte ng katawan ko. Gusto ko na agad magalit dahil hindi na mawawala sa isip kong si Maxpein Moon ang dahilan ng mga ito. Ang bawat sakit na nararamdaman ko ay parang mga patalim na paulit-ulit na ibinabaon sa bawat parteng masakit. Pakiramdam ko ay may humihiwang kutsilyo sa pisngi ko. Maging ang pamamaga ng mukha ko ay nararamdaman ko. Para bang napakakapal ng balat ko.

"Cargosin..." Naramdaman ko nang haplusin ni Eerah Anitha ang noo ko matapos kong magmulat ng mga mata.

Tumama ang paningin ko sa halos mapundi nang bumbilya. Agad ko ring napakiramdaman ang napakatigas kong kinahihigaan. Ilang sandali pa bago ko siya magawang lingunin. At imbes na mabuhayan ay nagtangis agad ang mga panga ko matapos kong makita kung gaano kalaki at kung gaano karami ang pasa, sugat at galos niya sa mukha. At gaya ng sa akin, lahat nang iyon na naroon sa kaniyang mukha ngayon ay dahil kay Maxpein Moon. Dahil sa makamandag na abilidad ni Maxpein Zin del Valle-Moon.

Pero hindi ko nagawang makapagsalita. Nahagip ng paningin ko ang gawing likuran ni Eerah Anitha. At gano'n na lang ulit ang gulat ko matapos makita ang aking ama na halatang pinagkasya sa makipot na sofa. Nang muli kong igala ng aking paningin ay 'ayun sina Christian at Taylor na nakahiga rin sa pinagdikit-dikit na silya. Sinadya kong tingnan ang kinahihigaan ako, isa iyong mesa.

Napapikit akong muli, at agad na napangiwi matapos kong makagat ang gilid na parte ng labi ko. Mayroong sugat doon.

"Cargosin, kumusta ang pakiramdam mo?" tanong ni Eerah Anitha.

Hindi ko nagawang kumilos para lingunin siya. Hindi ko rin nagawang tumugon. Hindi ko magawang makapag-isip nang tama. Hindi ko alam kung nasaan kami. At mas lalong hindi ko alam kung ano na ang pwedeng gawin at kung ano pa ang mangyayari.

Gusto kong maghiganti. *At sa susunod na maghiganti ako ay hindi na ako magdadalawang-isip na pumatay ng tao.*

"Cargosin," muling pagtawag ni Eerah. Sa sandalin iyon ay nilingon ko na siya dahil sa garalgal niyang tinig. Umiiyak siya. **"Hindi ko na kaya. Ayaw ko na, Cargosin. Hindi ko na kaya, Lucargo. Tigilan na natin 'to, please."**

Napatitig ako sa kaniya. Kung sapat lang ang lakas ko ay baka hinaplos ko na agad ang mukha niya, para pawiin ang butil ng luhang sunod-sunod na tumutulo mula sa kaniyang mga mata. Gusto kong magsalita para pagaanin ang loob niya at sabihing magiging maayos din ang lahat. Ngunit hindi ko magawa. Bukod sa kasalukuyan kong kahinaan ay hindi sumasang-ayon sa sinabi niya ang puso ko. Malayo sa mga sa pagsuko ang nararamdaman ko.

"Tumakas na lang tayo, Cargosin. Lumayo na lang tayo dito. At gaya ng dati ay gumawa tayo ng sariling buhay na malayo sa mga tao. Iyong buhay na masaya at kontento tayo ng ating pamilya. Hindi ko na kaya. Wala na akong lakas para lumaban dahil alam kong paulit-ulit lang tayong matatalo, Cargosin. Umatras na tayo. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang umabot sa ganito," halos humagulgol sa pag-iyak si Eerah.

"Ngunit...hindi ako handang sumuko, Eerah," humahangos at hirap na hirap kong sabi, sa napakahinang tinig. **"Wala akong lakas para tumakbo papalayo sa mga taong ito, Eerah. Pero ang lakas para lumaban at makapaghiganti ay kaya kong pag-ipunan."**

Natigilan siya at sinamaan ako ng tingin. **"Ano pa ba ang ipaglalaban mo, Cargosin?"** halos magtaas siya ng tinig. **"Kinuha na natin ang buhay ng inosenteng Chairman, ano pa ang dahilan mo para maghiganti?"**

Sinikap kong abutin upang mahawakan ang kaniyang pisngi. Iginala ko ang daliri ko sa bawat sugat, pasa at galos na naro'n sa kaniyang mukha. Makailang beses kong pinisil at hinaplos ang pisngi niya bago nagtamang muli ang paningin namin.

"Ang lahat nang iyan, Eerah," namamaos kong sabi. **"Ang bawat sugat na nakikita ko sa mukha mo, ay sapat nang dahilan para maghiganti ako."**

"Cargosin..." Hindi niya malaman kung paano akong tutugunin. **"Hindi mo kailangang gawin iyon,"** paulit-ulit na umiiling niyang sabi. Saka niya hinawakan ang kamay ko at idiniin sa pisngi niya. **"Hindi mo na kailangan pang maghiganti, Cargosin, dahil ang mga sugat na 'to ay maghihilom din. Mawawala rin ang mga ito. Pero kapag panibagong buhay ang nawala sa atin..."** Umiling siya nang umiling habang umiiyak matapos niyang bitinin ang dapat na sasabihin.

"Hindi ko hahayaang malagasan pa tayo ng isa, Eerah, magtiwala ka. I am not going to let that happen. Not again."

"That is not going to happen if we stop now. Pero kung itutuloy mo ang paghihiganti mo ay malaki ang posibilidad na mawalan na naman tayo ng isang kasama. Hindi ko na kayang panoorin ang mga Moon na saktan tayo, Cargosin. Please, I am begging you, let's end this." Emosyonal niyang hinaplos ang mukha ko.

"Ang bawat negosyong binubuksan ko ay isinasara ko bago ko iwan, Eerah. Hindi ko pwedeng talikuran ang nasimulan na," tiim-bagang kong sinabi.

Nanlumo siya. Lalong nagpatuloy ang pag-agos ng mga luha sa kaniyang mukha. **"What happened to you?"** tanong niya habang umiiling na nakatingin sa akin. Nag-igting ang panga ko at nilabanan ang titig niya. **"Hindi ganitong buhay ang ipinangako mo sa 'kin, Cargosin."** Tumayo siya at patakbo akong iniwan matapos sabihin 'yon.

Natigilan ako at agad na pinangunutan ng noo. Nanlaki ang mga mata ko dahil sa mga huling salitang binitiwan niya. Hindi niya kailanman sinabi sa akin iyon at tila ba ako natauhan matapos niya iyong sabihin ngayon.

Eerah...

Parang isang palabas na nanumbalik sa alaala ko ang nakaraan namin ni Eerah. Kung paano ko siyang nagustuhan nang una pa lang na lumapat sa kaniya ang aking paningin. Kung paanong nahulog sa kaniya ang loob ko sa araw-araw na magkasama kami. At kung gaano naging mahirap para sa akin na aminin sa kaniya ang nararamdaman ko dahil magkapatid kami sa papel.

Paanong hindi ko siya magugustuhan? Nasa kaniya ang lahat ng katangian na hinahanap ko sa isang babae. Si Aitana...siya ang kauna-

unahang babae na nagustuhan at minahal ko. Hanggang ngayon ay walang nagbabago sa nararamdaman ko.

Pero hindi ko naiwasang maalala maging ang relasyon nila Lovemir. Kung gaano kadali para sa akin na mahulog kay Eerah ay gano'n din kadali siyang nahulog kay Lovemir. At iyon ang pinakamasakit na sandali ng aking buhay. Nang mahalin ko ang maling tao ngunit umibig din siya sa isa pang pagkakamali. Gano'n kalupit ang tadhana sa akin.

Pakiramdam ko tuloy ay kinurot ang puso ko. Ako ang kasama niya pero iba ang laman ng isip at puso niya. Naramdaman ko ang kaibahan sa trato niya sa akin at ni Lovemir. Totoong wala siyang ipinakitang mali sa akin. Pero hindi ko kailanman nahigitan o natapatan man lang kung ano si Lovemir sa kaniya. Kung kay Lovemir ay buong puso niyang ginagawa ang lahat, sa akin ay araw-araw kong naramdaman kung paanong siyang napipilitan.

Gayunman ay nagpapasalamat ako dahil walang oras na ipinaramdam niya sa akin na sinisisi niya ako. Nagsisisi siyang sa akin humantong ang buhay-may-asawa niya, pero hindi ko naramdamang ako ang sinisisi niya doon. Kung meron man siyang sinisisi, iyon ay ang kaniyang sarili. Dahil hindi siya gumawa ng paraan para ipaglaban si Lovemir gayong hindi rin ito lumaban. Pareho silang naduwag sa aming ama.

Patawarin mo ako, Aitana. Sinira ko ang buhay ko, nadamay pa ang buhay mo.

NAGISING AKO nang sumunod na araw. Hindi na kasimbigat nang kahapon ang pakiramdam ko. Nagagawa ko nang maikilos ang ilang bahagi ng katawan ko. Bumangon ako at agad na inilinga ang aking paningin. Napabuntong-hininga ako, walang tao maliban sa akin.

Nakaramdam ako ng init. Nangangati na rin ang ilang bahagi ng katawan ko. Dahil marahil sa ilang araw na hindi pagligo.

Hindi pa ako komportableng ikilos ang kaliwang braso ko. Kaya naman gano'n kahirap na lang para sa aking hubarin ang mga damit ko. Hubo't hubad kong binuksan ang bawat pintong makita ko para matunton ang banyo. Kailangan kong maligo, kailangan kong mahimasmasan. Pakiramdam ko ay nakakaapekto ang hindi magandang amoy ko sa aking pag-iisip.

May kadiliman ang banyo. Sapat lang ang laki niyon para makaligo. Pumipitik-pitik ang ilaw, parang anumang oras ay mapupundi na ito. May bintana naman ngunit tinakpan iyon ng patong-patong na kahoy gamit ang

pako. May sink din at sa ibabaw niyon ay may malabong salamin na pabilog. Marumi na ang puti na tiles, semento naman ang dingding at mas pinapangit ng mga nakasulat na kung ano-ano. May bath tub nga ngunit nanggigitata naman iyon sa dumi. May shower din ngunit nang buksan ko ay parang mas malakas pa ang aking ihi.

Hinayaan ko lang na umagos ang tubig mula sa shower. Dumeretso ako sa harap ng salamin upang aninaging ang aking sarili. Isa-isa kong tiningnan at hinaplos ang mga sugat ko sa mukha gamit ang aking dalawang daliri. Nag-igting ang panga ko at gusto kong ipasa lahat kay Maxpein Moon ang mga ito.

Magagawa ko nga kayang ipasa lahat kay Maxpein Moon ang mga ito? Bakit si Maxpein Moon? Bakit siya? Buhay pa si Chairman Enrile, Cargosin. Bakit hindi siya ang iyong pagdiskitahan?

Hindi ko maintindihan ang sarili ko. Pakiramdam ko ay may kung anong nagbabago sa damdamin ko at hindi ko iyon matanggap.

Inis kong kinuha ang sepilyo nang kung sinuman na nakapatong doon saka nagsimulang linisin ang aking bibig. Tatlong beses kong sinepilyo ang bibig ko, gano'n karumi iyon sa pakiramdam ko.

Masakit pa rin ang likod ko pero hindi na sapat ang sakit niyon para magpahinga pa ako nang mas mahaba sa ginawa ko. Gusto kong maligo para mas makapag-isip, para mas makapagplano nang maayos kung paano ko tatapusin ang laban na ito.

Humawak ako sa salaming dibisyon ng sink at bath tub, saka ako tuluyang humarap sa shower. Hinayaan kong umagos ang tubig mula sa aking ulo paibaba sa aking katawan. Napapikit ako nang tumingala ako at hayaan ang tubig na salubungin ang mukha ko. Gano'n kabilis na gumana ang isip ko, ngunit hindi para magplano. Kundi kung paano nagsimula ang lahat ng ito.

Kung hindi kayo sumali sa gulo ay wala sanang nawala sa inyo. Bakit ba napakatigas ng ulo ng babaeng Moon na iyon?

Hindi ko maiwasang maalala ang mga sinabi ni Eerah. Noong simula ay hindi ako umasang tatagal ang galit niya. Masyado siyang mabait para magalit nang ganitong katindi. Masyadong malinis ang kalooban niya para sakyan ang aming mga plano. Kaya ang inaasahan ko, bago pa man umabot sa ganito, siya na ang unang susuko. Nangiti ako sa isiping umabot siya hanggang dito. At hindi ako nagagalit dahil gusto niya nang sumuko.

Matagal ko na siyang gustong pasukuin dahil ayaw ko siyang isali dito. Gusto ko siyang ilayo.

At ngayon ay gusto kong ibigay sa kaniya ang mga bagay na ipinangako ko. Gusto kong tuparin ang mga salitang binitiwan ko noon nang piliin niya ako.

Hindi naging madali para sa akin ang maligo. Lalo na at ang kaliwang braso ko ay hindi ko maasahan sa ngayon. Kailangan ko pang itabingi ang katawan ko para lang makuha ang shampoo na nasa gawing kaliwa ko. Saka ko iyon hirap na hirap na ipinahid nang paulit-ulit sa ulo ko.

Narinig ko ang langitngit ng kahoy na pinto kaya awtomatiko akong napalingon doon.

Eerah...

Kunot-noo kong inaninag si Eerah Anitha mula sa dibisyon na salamin. Bagaman hindi ko makita nang malinaw ang mukha niya ay batid kong nakatingin siya sa gawi ko. Sigurado akong nakatingin siya sa akin.

Nahinto ako sa ginagawa ko at pinanood ko ang paglakad niya. Hinintay ko ang paglapit niya hanggang sa magtama ang aming mga mata. Hindi ko alintana ang kawalan ko ng damit sa katawan at ang hindi magandang amoy na kumakawala sa aking katawan. Dahil kahit na anong sugat pa ang mayroon siya sa mukha ay hindi nawawala ang taglay niyang natural na ganda.

Gusto kong manlumo nang paulit-ulit na umandar sa isip at pandinig ko ang mga huling salitang sinabi niya sa akin kagabi. Hindi ako nakatulog nang ayos dahil doon. Magdamag akong inaantig ng konsensya ko habang iniisip ko ang kaniyang nararamdaman.

"Why are you here?" seryosong tanong ko nang magtama ang paningin namin.

Pero hindi nagtagal sa mga mata niya ang tingin ko. Hindi ko napigilang tingnan ang suot niya. Gamit ang isang malaking polong puti, na wala sa ayos ang pagkakabutones, ay hindi kapani-paniwalang napakaganda pa rin niya. Walang sapin ang kaniyang paa pero kaakit-akit pa ring tingnan ang mga iyon dahil mamula-mula. Bagaman may mga sugat at galos ay malinaw sa paningin ko ang maamo niyang mukha.

Humugot siya nang malalim na hininga at maingat iyong pinakawalan. Hindi ko maintindihan kung bakit bahagya akong napaatras nang maglakad siya papalapit sa akin. At napahugot din ako nang malalim na hininga nang bumaba sa kahubdan ko ang mga mata niya.

Wala anumang salita siyang humakbang papasok sa tub at tumayo sa aking harapan. Nagugulat ko siyang tiningnan sa mga mata pero ang paningin niya ay isa-isang tinitingnan ang mga sugat ko sa katawan. Nahinto lang sa paggala ang mga mata niya nang mapansin niya ang hindi maigalaw na braso ko.

Nag-angat siya ng tingin sa 'kin, nagtatanong na ang mga mata niya wala pa man siyang nasasabi. **"Masakit ba?"** nag-aalala niyang tanong.

Inosente akong nagbaba ng tingin sa kaliwang braso ko. **"Sumasakit kapag pinipilit kong igalaw, at kung hindi sinasadya ay maigalaw ko."** Patuloy ako sa pagbubuntong-hininga.

Humakbang siya papalapit. Bahagya kong naiiwas ang mukha ko pero nagawa niya pa ring hawakan ang pumutok kong labi. Hindi ko inalis ang paningin ko sa kaniyang mukha kaya napanood ko ang pagpapalit niya ng reaksyon. Nababasa ko ang matinding lungkot niya habang hinahawakang isa-isa ang mga sugat ko sa mukha.

Napalunok ako nang maglandas ang mga kamay niya papunta sa magkabila kong pisngi. Nagtamang muli ang paningin namin at hindi ko inaasahan ang kaniyang bitin na pagngiti. Iyong ngiti niyang may halo pa ring lungkot.

Halos manigas ang katawan ko nang sa hindi inaasahan ay hinapit niya ang mukha ko pababa sa kaniya. Saka niya hinalikan ang sugat sa aking labi. Iyon ang unang beses na ginawa niya iyon sa akin kaya naman gano'n na lang ang panlalaki ng mga mata ko. Napapalunok akong umayos ng tayo at napatitig sa kaniya. Agad ko ring naiiwas ang paningin ko nang tumingin siya sa mga mata ko.

Damn it.

"I'm sorry," mahinang sabi niya dahilan para muli akong mapatitig sa kaniya.

"Sorry for what?"

"For everything, I'm sorry for everything," halos pabulong niyang sabi.

Napailing ako. **"I don't know what you're saying, Eerah. What are you sorry for?"**

'Ayun na naman 'yong bitin niyang pagngiti. **"I'm sorry for blaming you. I'm sorry for making everything hard for you. I'm sorry for making you feel unloved. I'm sorry for...everything."**

"Eerah, stop saying that."

"Alam ko namang kaya mo lang ginawa ang lahat nang ito ay dahil sa 'kin."

"I don't understand what you're saying," umasta pa rin akong nalilito. Ayaw kong maging emosyonal. Ayaw kong makita niya kung gaano kabilis magbago ang emosyon ko kapag siya ang kaharap.

"Alam kong ginawa mo ang paghihiganting ito dahil nagalit ka nang makita kung gaano akong nasaktan nang mawala ang mommy."

"Stop."

"I know it, Cargosin."

Nag-igting ang panga ko. **"Then stop saying sorry because it is still happening, Eerah."**

"I want you to stop, Cargosin."

Kunot-noo akong napatitig sa kaniya. **"For what reason, Eerah?"** Napailing ako. **"God damn, I can't believe you came here just to say those bullshits! Stop it because I am not stopping!"**

"Sshh, sshh." Inilapat niya ang daliri sa labi ko dahilan para mapapikit ako habang naghahabol ng hininga.

"I am not going to stop just because you ask me to, Eerah," mahinang sabi ko saka ako nagmulat ng mata.

Ngunit gano'n na lang ang gulat ko nang salubungan niya ako ng halik. Nanlaki ang mga mata ko pero ang agarang paghahanap ng halik niya ay pinukaw ang buong atensyon ko. Laking pasasalamat ko at nauna kong linisin ang bibig ko dahil baka hindi niya nagawa ito kung nagkataon.

Dumiin ang pagpikit ko at hinawakan siya sa kaliwang braso saka ko siya marahang inilayo. **"You don't know what you're doing, Eerah,"** pabulong kong sabi matapos bitawan ang labi niya.

Ang mga titig niya sa 'kin ay nakakapanghina. Ang labi niya ay itinutulak ang kamay kong hapitin siya pabalik, papalapit sa akin. Napalunok ako sa pagtitig sa basa niyang labi at bigla akong nalango.

Namumungay ang mga mata ko nang tumitig sa kaniya. Hindi ko inaasahang mas mapupungay pa ang mga mata niya. Natuon sa kaliwang kamay niya ang paningin ko nang umangat iyon sa unang butones ng polo na suot niya. Wala sa ayos ang polo, ang isang bahagi ay mahaba habang ang isa naman ay bitin. Hindi ko alam kung sinadya niya bang ipasok ang unang butones sa ikatlong butas kaya gano'n ang naging hitsura nang suot niya.

"I just want to take care of you," mahinang tugon niya.

"I can take care of myself, Eerah."

"You're in pain."

"It will go away." Nagtiim-bagang ako habang nakatitig sa kaniya. **"Lumabas ka na at magbihis nang mas maayos na damit."**

Hindi siya sumagot at sa halip ay mas tumitig siya sa akin. Ang mga titig niyang iyon ay bumaba sa pang-amoy ko hanggang sa matuon na naman sa aking mga labi. Namumungay ang mga mata niya at alam na alam ko kung ano ang ibig sabihin niyon.

Damn, this girl really doesn't know what she's doing!

Hindi ko na napigilan ang sarili kong hapitin siya, hindi ko na nainda ang sakit ng isa kong braso. Hinawakan ko ang mukha niya at sapilitan siyang inilapit sa hubad at basa kong katawan. Niyuko ko ang labi niya at saka ko siya hinalikan.

Halik na sa simula ay madiin. Hanggang sa unti-unti iyong magkusang maging malumanay. Na sa sobrang lumanay ay nararamdaman ko ang lambot ng bawat bahagi ng kaniyang labi. Hinahalikan ko na siya pero parang may kulang pa. At ang kulang na iyon ay hinahanap ko na.

Ang mga kamay niya ay umakyat papunta sa buhok ko, bagay na noon niya lang ginawa. Hindi na ito ang unang beses na mangyari sa amin ito. Ilang beses nang may nangyari sa amin. Pero ngayon niya lang ipinaramdam sa akin na gusto niyang may mangyari sa aming dalawa. Ngayon niya lang ipinaramdam sa akin na kailangan niya ako. At nararamdaman kong hindi lang ito dahil sa kapusukan. May kung anong kapani-panibago sa ipinaparamdaman niya na hindi niya pwedeng itago sa 'kin.

"Cargosin..." umungol siya nang halikan ko ang leeg niya.

Hawak niya ang mukha ko at pilit akong idinidiin para mas halikan ko pa ang balat niya doon. Naglaro ang malikot kong dila sa kabuuan nang mahaba niyang leeg. Hindi ko na nahintay na tanggalin niya ang bawat butones. At mas lalong hindi ko alam kung paanong naging malakas ang kanina ay hindi ko maigalaw na braso, para mawasak ang lintik niyang polo.

Namangha ako nang makitang iyon lang ang suot niya. Bukod sa polo ay wala nang ibang bumabalot sa katawan niya. Tiningnan ko siya sa mga mata at saka tuluyang inalis ang damit niya.

"Are you sure about this?" nahihiya man ay ginusto kong itanong. At dahil hindi ko magawang tingnan siya sa mga mata ay itinanong ko iyon

habang hinahalikan ang leeg niya.

"I've never been...this sure, Cargosin," halos paungol nang tugon niya. Kaya ang nagpipigil kong mga kamay ay dumausdos na papunta sa dibdib niya.

Dumaing siya ng pag-ungol nang bumaba ang halik ko sa leeg niya, papunta sa kaniyang dibdib. Lalo pa siyang lumiyad nang laruin ko ang mga iyon gamit ang daliri, dila at labi. Paulit-ulit ko iyong ginawa hanggang sa mag-init ang kaniyang katawan. Init na katamtaman lang naman pero nakakapaso ng katauhan.

"Cargosin..," daing niya. Mas idiniian niya ang mukha ko sa kaniyang dibdib dahilan para lalo akong ganahan.

Naglayag ang kamay ko sa kaniyang likuran, paulit-ulit na pinapaso ang balat niya ro'n. Hanggang sa bumaba ang mga ito at pumunta sa hugpungan ng kaniyang mga hita. Ibinuka ko ang dalawang pisngi niya sa likuran na siyang dahilan para bahagyang dumiin ang mga kuko niya sa 'kin.

Bigla ay parang wala akong maramdamang sakit. Lahat ng parte ng katawan ko ay nagagawa kong ikilos nang normal at walang kahirap-hirap. Lahat ay sumasang-ayon sa tawag ng katawan naming pareho.

Binuhat ko siya papaharap sa akin nang magpantay ang aming taas. Isinandal ko siya at doon naglandas ang mga labi namin. Walang kasinsabik at kasinlalim ang aming halik. Hindi iyon normal sa akin, hindi pamilyar ang ipinaparamdam niyang pananabik. Lalo akong ginaganahan at aaminin kong malaki ang epekto niyon sa aking emosyon. Sa hindi inaasahan, ang mapaglarong si Eerah ay hinalikan ako at bahagyang kinagat sa leeg. Wala akong ideya kung alam niyang iyon ang aking kahinaan.

"Damn, I'm not going to let you leave this room unfucked, Eerah." Hindi ko halos maitago ang gigil ng aking pananalita maging ang pag-iigting ng aking panga.

Halos mapatili siya nang lalo ko siyang buhatin at paharap na paupuin sa magkabila kong balikat. Nag-angat ako ng tingin at gano'n na lang ang gulat niya nang magkatitigan kami. Napangisi ako nang makita kong pamulahan siya ng pisngi. At gano'n na lang ang tuwa ko nang maramdaman ko ang kaniyang pananabik dahil mas lalo niya akong idinidiin habang abala ako sa kinakain.

"Fuck..," mariing bulong niya.

Napangisi ako. *Damn...* Kahit kailan ay hindi ko naramdaman sa kaniya ang ganitong uri ng pananabik. She's god damn excited.

Muli ko siyang sinulyapan, naniningkit ang aking mga mata pero hindi naging dahilan iyon para hindi ko siya makita. Malaki ang pagkakaawang ng mga labi niya at mariin ang pagkakapikit. Every reactions and emotions that she expresses turns me on.

"Cargosin," gigil niyang pagtawag, mas humihigpit ang pagkakahawak sa 'kin hanggang sa parang gusto niya nang kumawala. Hindi na malaman kung anong kilos pa ang gagawin.

"You're on top of me, Eerah," nagpatuloy ako sa paghalik sa maselan niyang labi. She tried to push me away, I know what that act means. **"You can't run away from me, not anymore."** I played with her. She did not expect that it will give her a rush of pleasure.

"Cargosin, I'm... I'm..."

"You're what?" nababaliw kong bulong. I grabbed her hips and go deeper.

Wala nang bibilis pa sa paghinga niya. Paghinga na tila ba may inaabot. Paghinga na bumubuo ng kakaibang huni mula sa loob ng katawan niya.

I locked my arms around her thighs while eating her out. "**You can't escape me, Eerah, I'm going to consume you,"** pabulong kong sabi habang salitan sa ginagawa at pagsasalita. **"I'll make you take it until you come in multiple times."**

AGAD NA nakatulog si Eerah Anitha matapos ang sandaling iyon. Hindi ako makapaniwalang tulog na tulog siya ngayon sa hita ko. Pareho kaming nasa sofa, hindi gano'n kalambot iyon pero hindi na ako maghahanap nang higit pa rito. Masyado akong kontento sa sandaling ito.

Hindi ko magawang alisin ang paningin ko sa inosente niyang mukha. Hindi rin mahinto ang kamay ko sa paghaplos niyon sa kaniyang ulo. Kakaiba sa pakiramdam ang nangyari kanina. Para bang nararamdaman ko pa rin ang pag-iisa ng katawan naming dalawa.

Nasa ganoon kaming sitwasyon nang bumukas ang pinto at tumambad sina Christian at Taylor. Kasunod nila ay ang pagpasok ni daddy. Gustuhin ko mang tumayo ay hindi ako nakakilos. Ayaw kong magising si Eerah.

Syempre pa, gano'n na lang ang pagtataka sa mukha nina Christian at ang iika-ikang Taylor. Isa kasing himala ang ganitong lagay namin ni Eerah.

"Saan kayo galing?" tanong ko.

Matagal bago nagawang ibaling ni Christian ang tingin niya sa 'kin. **"Nagnakaw."**

Napamaang ako. **"Ano?"**

Humalakhak si Taylor. **"Oh? Inaasahan mo bang magpapasa ako ng bio-data sa isang convenient store para magtrabaho? Syempre, doon ako sa mas mapapadali ang paglalagay ng laman sa kumakalam kong sikmura."**

"Tch," singhal ko sabay iwas ng tingin. **"Bakit kayo nagnakaw?"**

"Bakit hindi?"

"Taylor, maraming paraan para makakuha tayo ng makakain."

Natigilan siya at ipinakita sa 'kin ang kaniyang pagkamangha. **"Ano kaya ang nangyari at parang naging mabait ka bigla?"** sarkastiko niyang tanong. **"Akala ko ay demonyo lang ang sumasanib sa katawan ng tao? Anghel yata ang sumanib sa 'yo, Lucargo. Christian?"**

"Oh?" natatawang tugon nito.

"Tumawag ka ng albularyo," natatawa ko ring sabi.

Humugot ako nang malalim na hininga at eksaktong tumama kay daddy ang aking paningin. Masama ang tingin niya sa akin at nakatiim ang kaniyang bagang. Gusto kong tumayo bigla para magbigay-galang sa kaniya. Pero tulog na tulog na si Eerah at ayaw ko talaga na magising siya.

Inilapag ni daddy ang dalawang supot sa mesa kung saan ako nakahiga kanina. **"Gisingin mo si Eerah, kumain kayong dalawa."**

"Katutulog lang niya, dad. Busog pa naman ako. Sabay na lang kaming kakain mamaya. Kailangan niya ng pahinga," sinikap kong huwag mautal.

Sinamaan kami ng tingin ni Chairman Rewis. Ayaw kong isiping pinaghihinalaan niya kami. Hindi mahirap hulaang may nangyari sa amin ni Eerah habang wala sila.

Nagulat naman ako nang muling bumukas ang pinto at tumambad si Mark kasunod ang dalawa naming tauhan. Bitbit at tulak-tulak nila ang patong-patong na karton papasok.

"Ano ang mga iyan?" nagtataka kong tanong.

"Kasamaan ang mga iyan, Cargosin," sarkastiko na namang tugon ni Taylor. **"Lahat nang iyan ay gawain natin. Ano ba at nagugulat ka pa?"** Humalakhak siya.

"Kailan ka ba matitigil diyan sa pagiging sarkastiko mo?" halos suminghal ako. Hindi ko magawang taasan ang boses ko dahil baka magising ko ang aking asawa.

Nakangisi niya akong pinandilatan habang nakaawang ang kaniyang labi. **"Nakulong ka ba at tinig-nagbabagumbuhay ka?"**

"What?" kunot-noong tugon ko.

Nilingon ni Taylor ang ilan sa mga karton. **"Gagawa ako ng bomba."**

"Ano? Para saan?"

"Nakakapanibago kang talaga, Lucargo." Humalakhak siya. **"Nagbawas ka ba?"**

"Ng ano?"

"Ng semilya." Lalo siyang tumawa.

"Taylor!"singhal ng aking ama dahilan para matahimik kaming pareho.

Tinitigan ni Taylor si Eerah. Pinasadahan niya ng tingin ang nakahiga nitong katawan bago muling tumingin at ngumisi sa akin. Alam kong sa isip niya ay sinisiguro niyang may nangyari sa amin. Totoong kapani-panibago iyon. Dahil noon ay kailangan ko pang magalit nang todo para may mangyari sa pagitan namin ni Eerah Anitha. At alam ko kung gaano niyang pinandidirihan ang mga sandaling iyon noon. Bagay na hindi niya ipinaramdam sa akin ngayon.

Pero ang ganitong lagay namin ni Eerah, ang mahiga siya sa mga hita ko, ay tila ba isang imposibleng bagay. Kung ang ibang magkarelasyon ay madaling gawin iyon, sa amin ni Eerah ay hindi. Kahit pa mag-asawa kami. Kung pupuwede nga lang na maghiwalay kami ng bahay noon ay paniguradong ginawa niya na. Ganoon niya ako kinamumuhian.

Nagkibit-balikat si Taylor. **"She's your wife anyway."**

"Kumusta, Mark?" Sa halip na sagutin si Taylor ay ang tauhan ang binalingan ko. **"Hindi ko inaasahang babalik ka pa sa amin."** Ngumisi ako.

Nakasimangot siyang tumingin sa akin. **"Wala naman na akong magagawa. Nakatali na ako sa inyo."**

Lalo akong napangisi. **"Alam mong wala na kaming ipapasahod o maski ipapakain man lang sa iyo."**

"Hindi ninyo naman ako pagdaramutan nang maski isang subo para magkalaman ang tiyan ko."

"Sigurado ka?"

"Wala akong oras makipagtalo, Cargosin. Pagod na pagod pa ang katawan ko. Planuhin na natin kung paanong babalikan ang gagong babaeng iyon."

Nawala bigla ang pagiging sarkastiko ko nang muli kong maalala si Maxpein Moon. Dahil sa nangyari sa amin ni Eerah ay hindi ko na nagawang makapag-isip nang tama. Mas ginulo pa nga niya ang isip ko at

talagang siya lang ang laman ng utak ko ngayon. Isinisigaw ng sistema ko ang nararamdaman ko para kay Eerah. At aaminin kong pinag-iisipan ko ang mga sinabi niya kagabi.

"Ano nga ba ang magandang gawin sa ngayon?" biglang nagsalita ang aking ama dahilan para lalo akong matigilan at matahimik. **"Maganda ba ang isinuhestiyon ni Mr. Wood?"**

Nagtiim ang bagang ko. Malinaw pa sa isip at pandinig ko kung paanong binastos ni Mr. Wood si Eerah. At talagang nanggigigil akong idamay siya.

Pwede rin namang hindi na ako mandamay ng iba. Kaya ko siyang itumba nang mag-isa.

"Hanggang ngayon ay hindi ako makapaniwalang magkakilala ang mga iyon. Napakaliit ng lintik na Laguna." Nawala ang pagiging sarkastiko sa tinig ni Taylor nang sabihin iyon. Sinulyapan niya ang hindi makalakad nang ayos na paa, iyong paa niyang binaril ni Mr. Wood nang biglaan.

"Pero kung ako ang tatanungin ay mukhang hindi sila magkaibigan," ani Christian. Nag-angat ako ng tingin sa kaniya. **"Kung mag-usap sila, para ring magkalaban. Ang pananalita ni Mr. Wood sa mga Moon, kakaiba rin."**

"Sinabi na nga ng gunggong na iyon na dating nanilbihan si Maxpein Moon sa kaniya. Paniguradong may nangyaring hindi maganda. Dahil nabanggit din niyang nilumpo ni Maxpein ang ilan sa mga baguhan ngunit magagaling niyang tauhan," malinaw kong sinabi saka muling sumulyap kay Eerah. Napakalalim ng pagkakahimbing niya. *Pagod na pagod.* Napangisi ako.

"Masyadong malaki ang utang natin kay Mr. Wood. Kung papasukin lamang natin ang bahay ng mga Enrile, makakakalap ba tayo nang ganoong halaga?" sabi ng aking ama. Bumuntong-hininga pa. **"Sinong inutil ang mag-iimbak nang ganoong halaga sa bahay?"**

Napaisip din ako at matagal bago ko nagawang makapagsalita, **"Kung gano'n ay sila ang kumuha ng pera para sa atin, kung saan man nila iyon itinatago."**

"Ganoon na nga, Cargosin." Muling bumuntong-hininga ang aking ama. **"Lumampas na naman tayo sa palugit. Paniguradong hinahanap na tayo ng bastardong Wood na iyon. Kailangang makakilos na tayo, kung kinakailangan ay ngayon na mismo."**

"Kung talagang kailangan niya ang pera ay baka pagkarating pa lang natin dito ay nasundan niya na tayo," seryosong sabi ko. **"Pinaglalaruan lang tayo ng animal na iyon, dad,"** gigil kong sabi.

"Alam ko." Tumikhim siya at sumama ang tingin sa kung saan. Batid kong masakit pa ang halos buong katawan niya. Pero gaya ko ay hindi niya na iyon iniinda. Nakasanayan na namin ang sakit ng katawan. **"Ganoon ang mga sindikatong gaya niya. Mapaglaro. Tinatahak ang landas kung saan dumaraan ang pera. Sanay na sanay siya sa ganitong sitwasyon kaya kailangan nating maging maingat, Lucargo."**

Humalakhak si Taylor. **"Tama ang Chairman. Hindi tayo pwedeng bumase mga salita ng Mr. Wood na iyon. Madali para sa kaniyang ipahamak ang iba basta kumita. At isa pa, sa tingin niya ay may atraso tayo sa kaniya kahit wala naman talaga. At hindi na ganoon kadali para sa ating takasan siya."**

"Hindi tayo pwedeng magpalamang. Kung kaya niya tayong isahan ay magagawa rin natin iyon," sabi ko habang malalim ang iniisip at nakatingin sa kung saan.

"Pero siya na lang ang pag-asa natin, Cargosin," nawawalan ng pag-asang ani Mark. **"Sumunod na lang tayo sa gusto niyang mangyari. Magbayad tapos ay lisanin na natin ang lugar na ito."** Nararamdaman ko ang takot niya.

Umiling ako habang deretsong nakatingin sa kaniya. **"Hindi tayo pwedeng sumabay kumain sa taong hindi natin nakasamang magutom, Mark. Hindi tayo pwedeng makisakay sa taong hindi natin nakasabay maglakad. Ang tanging mapagkakatiwalaan natin ay kung sino ang kayang bumuhay at pumatay para sa atin."**

Ang magdamag na iyon ay iginugol namin sa pagpaplano. Aaminin kong gano'n katindi ang desperasyon sa planong iyon. Pero iyon na lamang ang tanging magagawa namin ngayon dahil sa maliit naming bilang.

Maganda ang plano. Naaayon sa suhestiyon ni Mr. Wood ngunit may gagawin kaming higit pa ro'n. Hindi para sa kaniya, kung hindi para sa amin. Planong sinisiguro naming may benepisyo kami bago magsisi sa huli.

MAX'S POV

DAHAN-DAHAN kong iminulat ang mga mata ko. Nakakasilaw ang liwanag na nagmumula sa malaking bintana at sa terasa. Nawala sa isip kong isara ang mga kurtina.

Bumaling ako sa kaliwa ko at agad akong napangiti. Ngiting hindi agad mawala sa aking labi. At mas lumawak pa ang pagngiti ko nang maramdaman ko ang brasong mahigpit na nakayakap sa 'kin. Sobrang higpit na para bang ayaw na akong pakawalan.

Mataman kong tinitigan ang tulog na tulog si Sensui. Naramdaman ko na naman kung gaano ako kaswerte dahil ang lalaking ito ay patay na patay sa akin.

I've been wanting to tell the world how lucky I am for having someone who won't last a day without me. Lalaking pangarap ng maraming babae, Deib Lohr Enrile. Tsk tsk.

Marahan kong inalis ang braso niya, hindi naging madali iyon. Bumangon ako para uminom ng tubig. Pero ilang saglit lang ay muli akong napatitig sa kaniya. Napangisi ako nang maalala ko ang kamanyakan niya nang nagdaang gabi. Pero aaminin kong humanga ako sa lupit ng pagpipigil niya.

Pero kailangan mo ring purihin ang sarili mo, Maxpein. Hindi madali 'yong ginawa mo. Tss. Ilang beses nangati ang palad mo para hubarin ang sarili mong damit. Tsk.

Bago ko pa mapagbigyan ang sarili kong mahigang muli at tumitig sa kaniya ay kumilos na ako papasok sa banyo. Naghilamos ako at nagsepilyo. Matapos niyon ay dumeretso ako sa salamin para ayusan ang sarili ko. Plano kong bumaba sana pero ang maamong mukha ni Sensui ay hinihila ako pabalik sa kama.

Tumayo ako sa gilid niya at magkakrus ang brasong tumitig sa kaniya. Iniisip ko kung ano ang nararamdaman niya kagabi. Napapikit ako nang maalala ko ang pakiramdam ng halik niya sa balat ko. Sa t'wing hahalikan niya ako ay para bang iba siyang tao.

Basta kamanyakan ay nawawala ang pagiging isip-bata niya. Tsk.

Pero hindi ko maiwasang matawa kapag naaalala ko kung paano niyang ipinapaulit-ulit sabihin ang paghalik na gagawin niya. Sigurado akong namumula ako kapag ginagawa niya iyon. Lalo na at ilang beses niyang sinabi iyon kagabi.

Wala sa sarili akong dumako sa aparador at inilabas ang gitara ko. Naupo ako sa kama at tahimik na tumugtog. Sinadya kong habaan ang intro, ginawa ko iyon habang nakatitig sa kaniya. Sinimulan ko ang tugtugin nang kumakanta sa isip.

Nakita ko siyang dahan-dahan na magmulat ng mga mata. Napangiti ako sa nakakunot niyang noo. At mas napangiti pa nang unti-unting mawala iyon at mapalitan ng ngiti dahil nakita niya ako.

"Babe..." Isiniksik niya ang mukha sa bandang likuran ko. Sumubok siyang yumakap pero nakaharang ang gitara ko.

Naging matunog ang pagngiti ko. **"Babe..."**

"Ang aga mong mangharana, ah?" biro niya, ngumiti lang ako. **"Bakit nag-abala ka pa? Sinagot na kita kagabi, 'di ba?"**

Sabay kaming natawa. **"Pasalamat ka at walang kasamang bulaklak 'to, kung hindi ay baka naihi ka na."**

"Anong tinutugtog mo?"

"English 'to."

"Tch. Ano nga?"

"Basta."

"Pamilyar sa 'kin. Kantahin mo nga?"

"Ayoko."

"Bakit?"

"Baka pagtawanan mo 'ko. Malaki ang boses ko kapag bagong gising."

Tumawa siya nang malakas kaya sinamaan ko siya ng tingin. **"Malaki ang boses mo sa lahat ng oras, Taguro. Kantahan mo na 'ko."**

"Wala ako sa mood."

"Imposible. Hinaharana mo nga ako, eh. Kantahin mo na."

Hindi ko siya sinunod. Sa halip ay nagpatuloy lang ako sa pagtipa sa gitara. Paulit-ulit ang tinutugtog habang nakatingin sa kaniya. Sa isip ako kumakanta habang nakatitig sa kaniya. Tumagilid siya at itinuon ang sentido sa kaliwa niyang kamay. Saka siya deretsong tumitig sa 'kin. Hindi ko mabasa ang emosyon niya.

"Kumusta pala ang pakiramdam mo?" tanong niya. Nagsasalitan ang tingin sa akin at sa kamay kong tumitipa.

"Ayos naman," sagot ko na ibinaling sa gitara ang paningin.

Ngumuso siya at bumuntong-hininga. **"Alam kong malungkot ka pa rin dahil sa nangyari, Taguro. Ayaw kong ipaalala pero...nandito lang ako, ah? Handa akong magmukhang tanga para lang mapatawa ka. Hehe."**

"Kahit hindi na."

"Anong kahit hindi na?"

"Tingnan lang kita ay natatawa na ako."

Pinandilatan niya ako. **"Itong gwapo kong 'to? Katatawanan lang sa 'yo? Wow."**

Hindi ako nagsalita. Nagpatuloy lang uli ako habang ngingisi-ngisi. Totoo kasing tingnan ko lang siya ay natatawa na ako. Siya lang ang lalaking nakilala ko na maraming nakakatawang reaksyon sa mukha. Simula noong una hanggang sa ngayon ay natatawa ako sa mga reaksyon niya. Iyong simpleng pagnguso niya lang ay nakakatuwa na. Lalo na kapag nagsalita siya.

Nakakatawa pero sobrang gwapo. Tss. Wirdo.

"Babe?" tawag niya.

"Hm?" tugon ko nang nakatingin pa rin sa gitara at tumitipa.

"I hope you're not trying to hide what you really feel right now. I hope you're not pretending like nothing is wrong. I'm really worried."

"I'm sad, I really am," pandederetso ko sa kaniya. **"But I'm okay, believe me."**

Nakita ko ang lungkot sa mga mata niya. **"I'm still worried."**

"You don't have to," ngumiti ako. **"Sadness is heavier when I'm alone."** Tiningnan ko siya sa mga mata. **"You're here with me. You made everything easy for me to bear."**

"You like me too much, babe."

"Really?"

"Well, it shows."

"Tss."

Natigilan siya at mayamaya pa ay napangisi na. **"Alam ko 'yang kantang 'yan, ah!"**

Lalo akong napangiti at mas nagpakitang-gilas sa pagtipa. ♫♪ ***"You tell me you're in love with me... Like you can't take your pretty eyes away from me."*** ♪♫ Pinagkaarte-artehan ko ang pagkanta. Mabagal at iniiba ang tono na animong isa akong magaling na manganganta. ***"It's not that I don't want to stay, but everytime you come too close I move away."***

"Sometimes 'yan, babe."

"Alam ko."

"Male version."

Natigilan ako at pinangunutan siya ng noo. **"Tss. Ayoko na nga."**

"Biro lang, babe!"

"Ewan ko sa 'yo," angil ko sabay tayo.

Hinila niya agad ang braso ko saka hinila pasunod ang gitara. **"Ituloy mo na!"**

"Ayoko na," sumeryoso ako.

"Kinikilig na 'ko, Taguro, eh!"

"Tss."

"Please, babe?"

"Nang-aasar ka, eh. Nawalan na 'ko nang gana."

"Biro lang naman 'yon."

"Next time na lang, maliligo na ako."

"'Uy, babe? Biro lang 'yon, ito naman. Kanta ka na ulit. Makikinig ako."

"Saka na nga lang ulit." Dumeretso ako sa sofa kung saan ko iniwan ang cover ng gitara saka muling isinilid iyon. **"Maliligo na muna ako."**

Saka ako muling ngumisi matapos tumalikod sa kaniya. Paniguradong sa likuran ko ay nakanguso na naman siya at kumikibot-kibot ang mga labi. Ang kalooban niya ay siguradong puno na ng pagsisisi dahil gano'n siya ka-OA.

Mahigit sampung minuto lang akong naligo at paglabas ko ay nakaroba na lang ako. **"Maligo na ka,"** nakangiting sabi ko. Gusto kong matawa dahil nakanguso pa rin siya.

"Gusto kong kantahan mo ako, Taguro. Ngayon mo nga lang ginawa 'yon, eh."

"Nagugutom na ako, Sensui. Ginutom mo 'ko sa ginawa mo kagabi." Ngumisi ako nang makita ko ang gulat sa mukha niya.

Dagli siyang napabangon at inayos ang nakaangat na damit. **"Talagang hindi mo makalimutan, eh, 'no? Gustong-gusto mo talaga."**

"Sino ang makakalimot?" Humarap ako sa salamin at sinuklay ang buhok ko. **"Bigay na bigay ang gwapo kong boypren. Hehehe."**

"Ha, at nang-aasar ka?"

"Biro lang. Maligo ka na."

"Hmm..." Nanunukso at nang-aasar ang pag-ungol niya. **"Iyang mga pagligo-ligo na 'yan, may ibang ibig sabihin 'yan, 'no?"**

Bigla akong napapihit paharap sa kaniya. **"Ano? Baliw."**

"Hahaha, sa pagligo rin tayo nagsimula kagabi, eh. Saan papunta 'to, Taguro?"

"Tigilan mo 'ko sa kalokohan mo, Sensui, baka patulan kita?" Ngumisi ako. **"Mas masarap pa naman sa umaga."** Saka ako tumawa.

"Talaga?" Humakbang siya papalapit sa 'kin. **"Anong pakiramdam?"**

"Hindi mo malalaman kung hindi mo susubukan," pang-aasar ko.

"Eh, di susubukan ko." Mas lumapit siya at akma nang hahawak sa 'kin. **"Hindi ako takot sumubok, Taguro. Lalo na kung sa 'yo ko gagawin."**

Umatras ako at dinuro siya gamit ang suklay. **"Ipapasok ko 'to sa bibig mo kapag hindi ka pa naligo."**

Ngumisi siya. **"Gusto mo talaga ay 'yong mabango-mabango ako, eh, 'no? Sige, hintayin mong maging isa ang amoy natin."** Umatras siya at hinubad ang t-shirt niya. **"Mabilis lang ako, babe. Hehehe!"** Kumindat siya at ngumisi nang nakakaloko.

Tatawa-tawa akong umiling nang magsara siya ng pinto. Saka ako muling humarap sa salamin at nagpatuloy sa pag-aayos.

Ngunit hindi pa man ako nagtatagal ay nag-ring ang cell phone ko. Sinulyapan ko iyon at sandaling tinitigan bago ko nilapitan para tingnan. Nanlisik ang mga mata ko nang makita ang pangalan ng tumatawag.

Nilingon ko ang pinto ng banyo saka ako lumabas sa terasa. **"Wood,"** sagot ko.

"Maxpein... the most dangerous woman than that of a shotgun," sa pananalita niya ay batid kong nakangisi siya.

"Anong kailangan mo?"

Bumuntong-hininga siya. **"Ang mga kaibigan mo ay hindi tumupad sa kasunduang ibinigay ko."** Batid kong ang mga Rewis ang tinutukoy niya. **"Ang usapan namin ay maghaharap kaming muli matapos ang dalawang araw. Hindi nila ako sinipot. Ano ang gagawin ko?"** Napakasarkastiko niya, natural na sa kaniya iyon. Ikamamatay niya kapag pinilit niyang alisin ang pagiging sarkastiko sa kaniyang sistema.

"Kahangalan ang umasang tutuparin nila ang salitang sa 'yo mismo nagmula, Wood," sarkastiko ring tugon ko.

"Sinasabi mong hangal ako." Hindi iyon patanong. Gusto kong matawa. **"Hangal nga siguro ako dahil umasa akong tutupad sila sa usapan matapos ko silang bigyan ng isang napakagandang ideya."** Sa tinig niya ay batid kong nakangisi na naman siya. Sinusuklian ang nakakainsultong sarkasmo ko.

Nawala ang ngisi sa aking labi at agad akong sumeryoso. Traydor si Wood at hindi kailanman mapagkakatiwalaan maski sa pinakamaliit na bagay.

"Dinedemonyo mo ba ako, Wood?" Hindi ko naitago ang gigil sa tinig ko.

Humalakhak siya na nakapagpakuyom sa palad ko. **"Hindi ko makakalimutan ang ginawa mo sa mga bata mo."**

"Ang mga bata mo ang tumarantado sa akin."

"Bukod doon ay tumalikod ka nang walang pasabi sa akin."

"Hindi ako kabilang sa mga kauri mo."

Humalakhak siya. **"Hihintayin ko ang paglapit mo. Bye."** Ibinaba niya ang linya.

Galit akong napatitig sa telepono at gusto ko iyong ibato. May pinaplano sila at nasisiguro ko iyon.

Kinabahan ako at napatingin sa paligid ng mansyon. Walang kakaiba. Wala akong maramdaman o makitang kakaiba. Masyadong payapa ang paligid pero hindi ako makalma. May pinaplano sila at nasisiguro kong hindi iyon maganda lalo na at kasali siya.

King ina!

"Babe?" nangibabaw ang tinig ni Sensui mula sa aking likuran. Napapihit ako paharap sa kaniya saka ako napilitang ngumiti. **"Kausap mo na naman ba ang tauhan ninyo?"** seryoso niyang tanong. Hindi ko malaman kung ano ang sasabihin.

Totoong tauhan ang kausap ko kagabi nang makita niya akong may kausap. Ang tauhan na iyon ay ang nakaatas na bantayan sina Chairman at Dean Enrile sa bahay ng mga ito. Ang totoo ay ako ang tumawag sa tauhan na iyon kagabi dahil hindi ako nakontento sa mga sinabi ni Sensui.

"Kakilala ko iyon, nangumusta lang," sagot ko. Hindi ko malaman kung isa ba 'yong kasinungalingan o katotohanan.

"Sinong kakilala?"

"Isang kakilala mula sa nakaraan. Tapos ka na? Kumain na tayo," iniba ko ang usapan saka pumasok muli sa kwarto. **"Magbihis ka na. May baon ka pa naman sigurong mga damit, 'di ba? Magbibihis na rin ako, nilalamig na ako."**

Tumingin siya sa kabuuan ko. **"Gano'n ba kaimportante 'yong kausap mo at inuna mo pang bigyan siya ng oras kaysa pagbibihis mo?"**

"Minsan lang kasi tumawag 'yon. Ang totoo ay ngayon lang siya tumawag sa 'kin." Ngumiti ako. *At hindi ko alam kung paano niyang nakuha ang numero ko.*

"Lalaki?"

"Oo."

"Sino?" kunot-noong tanong niya.

"Wala 'yon."

"Nagseselos ako. Sino 'yon?"

"Kakilala nga."

"Anong pangalan?"

"Wala 'yon." Umiling ako.

"Bakit hindi mo masabi ang pangalan?"

Bumuntong-hininga ako. *Spider...* **"Peter,"** biglang lumabas sa bibig ko.

"Tch. Sino naman ang Peter na 'yan?"

Si Spiderman. **"Kakilala ko nga. Magbihis na tayo."** Hinawakan ko siya sa kamay pero hindi siya nagpatiuna. **"Babe, wala 'yon. Okay?"** Hinarap ko siya ulit.

Tumitig siya sa 'kin nang nakakunot pa rin ang noo. Hindi nagbabago ang ekspresyon niya. At nasisiguro kong magagalit na naman siya at kung ano-ano ang isusumbat mayamaya.

Totoong nilalamig na ako. Nakabukas ang aircon at tanging robe lang ang suot ko. Malamig din ang kamay niya kaya naman binitiwan ko 'yon at itinuro sa kaniya ang aparador.

"Magbihis ka na, baka magkasakit ka. Magbibihis na rin ako. Baka magkasakit pa tayong pareho. Malamig," sabi ko saka tinalikuran siya.

Dumeretso ako sa cabinet at kumuha ng damit. Saka ako naglakad papunta sa banyo upang doon sana magbihis. Pero natigilan ako sa pagsasara ng pinto nang makitang nakalapit na siya.

"Sino si Peter, Taguro? Hindi ako matatahimik. Kilala mo 'ko."

"Babe," humarap ulit ako sa kaniya. **"Okay, sige. Kakilala ko noong sira pa ang ulo ko. Hindi siya mabuting tao. Tumawag siya sa 'kin para mang-asar, habang nangungumusta. Gano'n siya. Gano'n 'yon."**

Ayaw ko siyang mag-alala kaya wala akong planong sabihin ang totoo. Lalo na at may himig nang pagbabanta ang mga sinabi ni Spider.

Hindi siya sumagot at nanatili lang na nakatingin sa akin. Alam ko at nasisiguro kong naniniwala siya sa sinabi ko. Pero dahil sa natural na kakulitan niya sa katawan ay paniguradong hindi siya kontento sa mga sinabi ko.

"Babe, maniwala ka sa 'kin. Wala kang dapat na ipag-alala." Dinilaan ko ang labi ko saka bumuntong-hininga. **"At magtiwala ka sa 'kin. Hindi ka gano'n kadaling kalimutan. Mas lalong hindi ko kayang**

ipagpalit ka. May makausap o makilala man akong iba, ikaw pa rin talaga." Dinila-dilaan ko ang labi ko at nakangising nagtaas-taas ng kilay sa kaniya.

"Taguro!" biglang gilalas niya.

"Ano?" nagtataka kong tugon, nakakunot-noo.

Napapikit siya nang mariin at nang magmulat ay kagat niya na ang pang-ibaba niyang labi. **"Don't show your tongue out at me, unless you intend to use it, okay?"**

Napamaang ako. **"Ano?"**

Ngunit natigilan ako nang bigla siyang humakbang papalapit sa 'kin. Napaatras ako at gano'n kabilis siyang nakapasok sa banyo. Napalunok ako nang panoorin ko ang kamay niyang isara at i-lock ang pinto.

King ina... Pareho lang kaming nakaroba! At nasisiguro kong gaya ko ay iyon lang din ang suot niya.

"It's okay to tease but you better please too, babe," pabulong na sabi niya habang ang tingin ay bumababa sa labi ko. **"Mas masarap sa umaga, 'di ba?"**

"Nagbibiro lang ako," sinikap kong 'wag iparamdam sa kaniya ang biglang pag-akyat ng kaba ko.

"I won't mind taking a shower again, with you. Pero bago 'yon ay gusto kitang ipatong sa sink na 'yon at doon kita..." Binitin niya ang sasabihin. Tumingin siya sa mga mata ko at bumaba agad iyon sa labi hanggang sa dibdib ko! Saka siya muling tumingin sa mga mata ko at ngumisi. **"Doon kita hahalikan, Taguro,"** patuloy niya.

"Sira ang ulo mo..."

Tumango siya. **"Dahil sa 'yo."**

Hindi niya na ako pinagbigyang makapagsalita. Kinabig niya ako at hinalikan sa labi. Halik na walang kasinlambot. Halik na mabilis na inalis ang katinuan ko. Napakapit ako sa braso niyang nakahawak sa likuran ko. Sinubukan kong alisin iyon pero nabigo ako, nanghina agad ako. Napangisi siya nang dahil do'n. Batid kong naramdaman niya agad ang panginginig ng mga kamay ko.

Itinulak niya ako papunta sa sink na tinutukoy niya at bigla nga akong ipinatong doon! Nahampas ko ang balikat niya. Pero gusto kong sapakin ang sarili ko dahil hindi ko magawang kalasin ang mga labi namin kahit kayang-kaya ko namang gawin 'yon. May kung ano siyang mahika na nakapagpapasunod at nakapagpapapayag sa 'kin.

Napapikit ako nang dumiin ang halik niya. Kasabay niyon ay mahigpit kong itinikom ang dalawang hita ko. Saka ako pasimpleng dumausdos para makababa. Natawa ako nang hindi niya namalayang nakatayo na naman ako sa harap niya.

Humiwalay siya sa pagkakahalik sa 'kin at kunot-noong tumitig sa 'kin. **"Pumapalag ka, ah?"** hinihingal na bulong niya saka kinagat ang sariling labi. Ngumiwi lang ako, nagpipigil ng ngiti.

Ngunit sa hindi inaasahan ay bigla niya akong itinalikod at iniharap sa salamin. Idiniin niya ang sarili niya sa likuran ko. Napalunok ako at pinanlakihan ng mga mata, gano'n na lang katindi ang kalabog sa dibdib ko.

Wala akong maramdamang kakaiba sa kaniya. Kaya naman naituon ko ang mga mata ko sa mata niya. Mula sa salamin ay tumitig kami sa isa't isa.

At gano'n na lang katindi ang gulat ko nang mabilis niyang kalasin ang pagkakatali ng roba ko! At mas mabilis niyang inalis ang pagkakapatong niyon sa dalawang balikat ko. Sa isang iglap ay wala nang nakatapis sa katawan ko.

Naestatwa ako at pinandilatan siya. Hindi niya inalis ang paningin sa akin maging ang matinding pagkakangisi sa labi niya.

Kinilabutan ako nang halikan niya tainga ko habang nakatingin pa rin sa mga mata ko. Napamaang ako nang panoorin ko siyang halikan ang dalawang daliri niya. At napanganga ako sa gulat nang idampi niya ang mga daliring iyon sa pinakamaselang parte ng katawan ko!

King ina kang bading ka! Nagwala ang sistema ko pero wala akong nagawa!

"Simula ngayon ay dalawang labi mo na ang hahalikan ko, Maxpein," pabulog na sabi niya habang nakapikit na. Hindi man lang nagbabago ang tindig niya. **"Isa sa mukha,"** mas inilapit niya pa sa tainga ko ang labi niya. **"At isa sa 'baba."**

Sunod-sunod ang paglunok ko. Hindi ko nagawang kumilos agad. Hindi siya nagmumulat at hindi ko rin magawang alisin ang paningin ko sa kaniya. Para akong ipinako sa kinatatayuan ko. At tila dinala ng hangin ang katinuan ko. Napalunok ulit ako at nakita ko sa salamin kung gaano na kapula ang mukha ko dahil sa ginawa niya.

Ang pakiramdam na idinulot nang ginawa niya ngayon sa 'kin ay noon ko lang nakilala.

Sobrang bilis ng kabog sa dibdib ko at mas bumilis iyon nang magkakasunod na katok ang nangibabaw!

Nanlaki ang mga mata ko at biglang napaupo para kunin ang roba at isuot iyon. Gano'n na lang ang pagkamangha ko nang makitang nakapikit pa rin siya. Hindi ko malaman kung ano ang unang gagawin ko at lalo akong natuliro nang muling mangibabaw ang katok.

"Maxpein?" tinig ni Heurt! **"Gising ka na ba? Papasok na ako, ah?"**

Putsa! Nagmadali akong lumabas sa banyo at hinabol ang pagbukas niyon. Pero bago pa ako mahuli ay itinuon ko na ang kamay ko sa dingding sa likuran ng pinto. Ang isa ko pang kamay ay inilagay ko sa bewang. Magkakrus naman ang pareho kong paa. Doon ay nagtama ang paningin namin ni Heurt matapos niyang isara ang pinto.

Gaya nang inaasahan ay nagtaka siya. **"Anong ginagawa mo diyan?"**

"Ano..." Nilingon ko ang banyo. **"Naligo ako. Oo. Naligo."**

Nangunot ang noo niya. **"Ganiyan ba maligo?"**

Napamaang ako. **"Oo, ganito."** Hinigpitan ko ang tali ng roba ko.

"Ang bilis matuyo ng buhok mo, ah?" tumango-tango siya.

"Talent," nakangiwi akong nagkibit-balikat matapos pang maglahad ng kamay sa kaniya.

Magsasalita na sana siya pero hindi natuloy 'yon nang tumingin siya sa likuran ko. Napapikit ako sa inis. Paniguradong lumabas na mula sa banyo si Sensui.

Lalong napuno nang pagtataka si Heurt nang muling bumaling ng tingin sa 'kin. **"Ganiyan maligo, eh, 'no?"** inosenteng sabi niya.

Nagkibit-balikat ako. **"Oo. Magkasunod. Gano'n."**

Tumango-tango siya. **"Bumaba na kayo. Kakain na. Nagluto kami ni manang."** Saka siya tumingin kay Sensui. **"Ipinagluto ka ni manang ng paborito mong breakfast. Nagre-request ka raw no'n no'ng kailan pa."**

Nilingon ko si Sensui na noon ay nakangisi na kay Heurt. **"Oh? Iniluto niya si Taguro, Tita Mommy?"**

Nanlaki ang mga mata ko. Saka siya ngumisi sa 'kin! At talagang kumikislap pa ang makinang na niyang mga mata.

Sira-ulo!

"Bababa na kami, Tita Mommy," dagdag niya na muling itinuon sa kausap ang paningin.

"Puro kayo kalokohan." Umiling si Heurt. Palihim akong napapikit nang mariin. Hindi ko na siya magawang tingnan. **"Saka na kayo gumawa ng kababalaghan kapag marunong ka nang magsaing, Maxpein. At**

ikaw naman," tiningnan niya si Sensui. **"Bumuo ka muna ng sarili mong bahay."**

"I'll keep that in mind, Tita Mommy." Nagmamalaki ang natatawang tinig ni Sensui.

Nginiwian kami ni Heurt bago siya tuluyang lumabas. Hinintay ko munang mawala ang yabag niya bago ko hinarap si Sensui. Agad ko siyang sinugod at hinampas sa braso.

"Abnormal ka kahit kailan, eh!" singhal ko.

Tumawa siya. **"What?"**

"Baka kung ano ang isipin no'n!"

"Oh, bakit? Wala naman tayong ginawang masama. Hahaha!"

"Meron!"

"Talaga? Ano?" Inilapit niya ang mukha sa akin.

Nag-init ang pisngi ko sabay layo. **"Nakaka-bad trip ka!"** singhal ko saka tinalikuran siya.

Lumapit ako sa cabinet para sana kunin ang damit ko. Pero nainis ako nang hindi ko iyon makita kung saan ko inilagay kanina. Tumingin pa ako sa kung saan para tingnan kung naipatong ko ba iyon pero wala.

"Nasa'n na ba 'yong damit ko!" naiinis kong asik.

"Nasa banyo. Nakalimutan mo kasi nawala ka na sa ulirat dahil sa halik ko." Sigurado akong nakangisi si Sensui nang sabihin iyon.

Napapikit na naman ako sa inis bago muling bumaling sa gawi niya. Hindi ko na siya tiningnan at sa halip ay naglakad na lang ako.

Pero bago ko pa man siya magawang lampasan ay inagaw niya na ang braso ko at hinapit ako sa bewang papalapit. **"'Wag mo na uling didilaan ang labi mo sa harap ko, Taguro. Nababaliw na ako sa pagpipigil."**

Sinamaan ko siya ng tingin pero agad akong napalunok sa kaguwapuhan niya. *Punyeta!* **"Bitiwan mo 'ko, ibabalibag kita,"** banta ko.

"Go ahead," iminuwestra niya ang sarili. **"Basta kapag bumagsak ako ay nasa ibabaw kita."** Dumila siya, nang-aasar.

Pinandilatan ko siya. **"Letse ka, ah!"** inambaan ko siya ng sampal.

"Woah," tumawa siya. **"Sasaktan mo 'ko? Bakit sampal? Ang lambing mo nang manakit, ah? Hehehe."**

"Ewan ko sa 'yo! Bwisit!" Nilayasan ko siya sa sobrang pagkapikon ko.

Literal kong nararamdaman ang pag-iinit ng pisngi ko at hindi ko matagalang ipakita iyon sa kaniya. Nagmadali akong pumasok sa banyo at pabagsak na isinara ang pinto iyon. Padabog akong nagbihis.

Hindi ko maintindihan ang pakiramdam ko. Parang hinahalukay ang buong sistema ko sa hindi maipaliwanag na pakiramdam.

Iba't iba ang ipinaramdam sa 'kin nang lintik na 'yon, ah? Ah! Nakakabwisit! Tsk!

Nagmadali kong tapusin ang pagbibihis. Ngunit agad din akong natigilan nang makita ang sarili ko sa harap ng salamin. Agad akong kinilabutan nang maalala ang ginawa ni Sensui. Pakiramdam ko ay naramdaman ko ulit ang daliri niya doon. Bagaman idinampi niya lang iyon ay para akong kinuryente.

Peste! Lintek! Letse! King inang 'yon! Namilipit ako at nakatingalang napapikit nang manumbalik sa isip at pakiramdam ko ang nangyari. Para akong kinikiliti sa bawat kanto ng katawan ko. Wala akong sinasabi pero hinahapo ako dahil sa pagsigaw-sigaw sa isip ko.

Kinalma ko ang sarili ko saka ako muling lumabas. Hindi ko tiningnan si Sensui pero batid kong nakabihis na siya. At talaga namang nangangalingasaw sa buong kwarto ang pabango niya.

Tumaas ang kilay ko at sinulyapan siya. *Tatalunin ko ang amoy mo!* Lumapit ako sa estante at kinuha ang Lacoste perfume ko. Binuksan ko iyon habang nakatingin sa kaniya. Nakataas pa rin ang kilay ko habang nakangisi naman siya. Ngumisi rin ako at saka iwinisik ang pabango sa mga manggas, sa leegan, sa dibdib, sa magkabilang tagiliran, sa tiyan, at sa itaas at ibabang likuran ko.

Tumaas ang gilid ng labi niya. **"Kung saan tumama 'yong pabango, doon babagsak ang labi ko, Taguro."**

Pinandilatan ko siya. **"In your dreams!"**

Tumawa siya. **"Oh, hindi mo alam kung ano ang laman ng panaginip ko, Taguro. Tsk tsk."**

"Ano?"

"Gusto mo bang malaman?" Humakbang na naman siya papalapit kaya umatras ako.

"'Wag na!"

"Gusto mo, eh."

"Ayoko, hindi ako interesado." Tumalikod ako. **"Wala akong interes sa kahit ano ngayon."**

Tumawa siya. **"Ang kahinaan ni Taguro,"** nang-aasar niyang sabi sa tumutula na tono. **"Ang kahinaan ni Taguro ay si Deib Lohr na gwapo. Ipinasok sa banyo, nanindig ang mga balahibo."**

Inis ko siyang hinarap at muling sinugod! Umatras siya at napahiga sa kama. Bumawi ako at tumayo sa harap niya. **"Sige, mang-asar ka pa!"** banta ko. **"Matulog ka mamaya sa terrace, ah!"**

"Sige. Basta matutulog naman ako kahit saan, basta ikaw ang kasama."

"Doon ka! Dito ako!"

"Okay. Papasukin pa rin kita."

"Manyakis!"

"Aminado naman ako, at least, sa 'yo lang ako ganito. Hehehe."

"Manyakis ka pa rin!"

"Manyakis man sa 'yong paningin, nakakapagtiis pa rin. Hehehe! Peace, baby babe."

"Napipikon na 'ko, eh."

"Hindi na, Taguro babe." Tumayo siya at akmang aakbayan ako pero umatras ako. **"Tara, kumain na tayo."**

"'Tse!"

"Nagugutom na 'ko, babe, eh."

Bubulong-bulong akong tumingin sa kaniya saka bumuntong-hininga. **"'Wag mo 'kong aasarin do'n sa 'baba, ah? Patay ka talaga sa 'kin."**

"Yes, my queen." Yumukod siya na para bang isa talaga akong reyna.

Tinalikuran ko siya saka ako nakasimangot na nangunang lumabas.

Kompleto na ang lahat sa komedor nang dumating kami. Inanyayahan nila kaming kumain matapos makipagbatian. Lutang pa rin ang pakiramdam ko, hindi ko magawang makapag-focus. At nakakapraning dahil pakiramdam ko ay nakangitin ang lahat sa amin!

"Hi, baby!" bati ni Tita Lacey kay Sensui.

"Hello, beautiful mother of mine." Galak na galak ang tinig ni Sensui. Syempre, isang panibagong stage na naman ang naabot niya at daig niya pa ang nakakuha ng jackpot!

Bwisit!

"Hi, Maxi!" bati rin sa 'kin ni tita.

Tumango lang ako kay tita. Aksidente akong napatingin kay Sensui at lintik naman talaga ang ganda nang pagkakangiti niya sa 'kin. Sa sobrang ganda ay gusto ko siyang yakapin hanggang sa hindi na siya makahinga pa. Naaasar ako. Kumikislap sa kamanyakan ang mga mata niya. Paniguradong buong-buo na ang buong buwan niya sa sobrang saya.

Peste talaga! Bakit ba hindi ako nakakilos? Tsk!

"Puro tayo prito ngayon," sabi ni Maze. **"Mag-sea foods naman tayo,"** dagdag niya habang naglalagay ng bread sa plato.

Tiningnan ko ang mga nakahain. May bacon, tocino, hotdog, eggs, luncheon meat, bread, white rice at pancakes. May tea at coffee naman sa side table na nasa magkabilang dulo ng mesa.

"Good idea, tita," sabat ni Sensui. Nag-angat ako ng tingin sa kaniya at 'ayun na naman 'yong lintik niyang ngisi.

Isa pa! Binantaan ko siya ng tingin kaya umiwas siya. Inis akong kumuha ng itlog at tinapag saka nagsimulang kumain.

"What do you want to have?" nakangiting tugon ni Maze kay Sensui.

"Tahong, tita," pilyong sagot ni Sensui. **"Iyong fresh."**

Anak ng... Muli akong napatingin kay Sensui, nakangisi siya pero sa pagkain nakatingin. *Paniguradong kung ano-ano na namang kapilyuhan ang pumapasok sa isip ng bwisit na 'to!*

Inis kong dinampot ang tinidor ko at wala sa sariling tumuhog ng kung ano sa kaharap kong plato. Nagtama ang paningin namin ni Sensui at lalo kong ikinainis ang nakanganga niyang pagngisi. Para bang inaabangan niya akong isubo ang pagkain ko.

Gigil kong kinagat iyon habang masamang-masama ang tingin sa kaniya. Kinagat niya naman ang labi niya na siyang ipinagtaka ko. Saka ko lang tiningnan ang kinain ko, hotdog.

Hell no... this is not happening!

Ibinaba ko ang hotdog at palihim siyang sinamaan ng tingin. Sumandal ako habang nakatitig pa rin sa kaniya pero hindi na siya tumingin ulit sa 'kin.

Nang-aasar ka, ah? Tingnan natin...

Bahagya akong tumayo upang dukwangin ang pancake. Isinenyas ko kay Naih ang syrup at butter na agad niya namang iniabot sa akin. Mabilis kong pinaghalo-halo ang mga iyon saka ako humiwa.

Talagang hinintay kong tumingin sa 'kin si Sensui bago ko ako tuluyang sumubo nang bigay na bigay. Sinadya kong daplisan ng syrup ang pang-itaas mga labi ko. At habang nakataas ang kilay niyang nakatingin sa 'kin ay mabagal kong dinilaan ang buong bibig labi ko. Mabagal at nanunukso.

"*Sarap*..." sabi ko pa nang walang boses.

Nakita kong tumiim ang bagang niya, seryosong-seryoso. Napangisi ako nang makita kung paanong humigpit ang pagkakahawak niya sa kutsara.

Ngumuso siya at kumibot-kibot ang labi habang sumasama ang tingin sa 'kin sa inis.

"*Noona,*" biglang tawag ni Maxrill dahilan para tuliro akong mapabaling sa kaniya. Napalunok ako sa hiya na baka nakita niya ang aking ginawa.

Pero ganoon na lang ang gulat ko nang gayahin niya nga ang ginawa ko. Humiwa siya ng pancake at sumubo. At gaya ko ay sinadya niya ring daplisan ng syrup ang itaas at ibabang labi niya. At saka niya bigay na bigay na dinalaan iyon habang nakapikit pa!

"Yum!" sabi ni Maxrill saka dumilat. Tumango-tango siya sa 'kin na parang bata. **"*Noona*, nuggets juahe."**

"..." Hindi ko alam ang sasabihin ko sa kaniya. **"Walang nuggets, Maxrill."** Tuliro akong napasulyap kay Sensui, gano'n na lang katindi ang pagpipigil niya ng tawa.

"Kainin mo kung anong meron sa mesa, Maxrill," nangangaral ang tinig ni Maxwell, ngumuso naman ang bunso. **"I have to go,"** aniya saka tumayo.

"Saan ang punta mo?" agad na tanong ni Yaz.

Bumaling si Maxwell kay Maze. **"May a-attend-an akong seminar."**

"Dito ka ba uuwi mamaya?" tanong ng ina.

"Depende. May dadaanan kasi ako sa village, iyong kaibigan ni Maxpein na Rewis."

"Hindi ko siya kaibigan," sabad ko.

Pasiring na inalis ni Maxwell ang tingin sa 'kin. **"Kailangan kong matingnan ang lagay niya kung ayos na. Dadalhan ko na rin ng pagkain. Mauuna na ako."**

"Take care, darling." Tumayo si Maze para magpahalik sa pisngi ni Maxwell.

Sinadyang dumaan ni Maxwell sa tabi para tapikin ang balikat ko, bagay na madalang niyang gawin. **"I'll call you,"** aniya saka dumeretso papalabas.

Kunot-noo ko siyang nilingon bago ako muling bumaling sa kinakain ko. Gano'n pa rin ang mga ngisi ni Sensui. Pero napawi ang asaran namin nang magsalita si daddy at tanungin ang tungkol sa pag-e-enroll ko sa kolehiyo. Si Sensui naman ay kinausap si Maxrill tungkol sa pagsali sa sportsfest ng BIS. Habang ang ilan naman ay nakikinig at paminsan-minsan ay nakikisali sa usapan namin.

Nang sumapit ang hapon ay naging abala kami ni Yaz sa practice room. Nagyaya siya kaya naman isinama ko si Maxrill at inutusang mag-ensayo ng basics. Pumasok din si Randall mayamaya at nagpresintang turuan si Maxrill pero nauwi sila sa paglalaro, kasali pa ang aso niya. Syempre, hindi ako nilubayan ni Sensui. Noong una ay magkasama pa silang nanood ni Tita Lacey na walang ginawa kundi ang pakislapin ang camera niya kakukuha ng litrato. Nagpaalam lang siya mayamaya at sinabing maghahanda ng meryenda.

Sa kalagitnaan ng pag-eensayo namin ay pumasok ang lahat doon, mga Enrile at Moon. Pinanood kami sa pag-eensayo at mahahalata sa pamilya ko ang pagmamalaki. Hindi ko naman maintindihan ang sarili ko kung bakit ba bigay na bigay akong mag-ensayo ngayon. Marahil ay dahil sa presensya ni Sensui na tutok na tutok sa panonood sa 'kin.

Natigil lang kami sa ensayo nang pumasok sina Heurt at Tita Lacey na may dalang meryenda. Lahat kami ay kumain at nagsalo-salong muli. Nagkakuwentuhan pa kami nang mahaba-haba nang magtanong si Tito Lohrton tungkol sa mga skills ko. Si Mokz halos ang nagpaliwanag ng ilan na maari nitong malaman kaya wala rin ako halos ginawa kundi ang tumango.

"Your phone is ringing, Maxpein," ani More.

Nilingon ko ang cellphone ko na noon ay nasa tabi ni Sensui. Syempre, siya ang dumampot niyon, at siya na rin ang tumingin kung sino ang caller. Nakasimangot siya noong una pero nang mabasa ang pangalan nang tumatawag ay iniharap niya agad ang telepono sa 'kin.

"Maxwell is calling," ani Sensui.

Hinubad ko ang gloves ko at sinagot ang tawag. **"Oh?"**

Ngunit tahimik ang kabilang linya. Walang sumagot sa akin. Tiningnan kong muli ang screen at tiningnan kung hindi pa putol ang linya. Nandoon pa rin ang pangalan ni Maxwell at nandoon pa rin ang tawag.

"*Yoboseyo*?" malakas kong tugon. **"Maxwell?"** Napatingin ang lahat sa akin dahil sa lakas ng boses ko. Bahagya akong tumalikod sa kanila. **"Hello?"**

"*Cómo estás*?" tugon nang nasa kabilang linya.

Umayos ang tindig ko at hindi ko nagawang makapagsalita agad. Natuon sa kung saan ang paningin ko saka kinilala ang nagmamay-ari ng tinig na iyon.

Taylor! Mabilis na nangunot ang noo ko. **"Nasa'n si Maxwell?"** sinubukan kong hinaan ang boses ko pero nabigo ako.

Naagaw ko pa rin ang atensyon ng mga naro'n, lalo na ni Maze. Lumapit siya sa 'kin at wala pa man ay nagtatanong na ang kaniyang mga tingin.

"Relax, Maxpein Moon." Humalakhak siya sa kabilang linya, hindi ko naiwasang pangunutan ng noo.

"Pein?" tawag ni Maze. Kaharap ko na sila ni daddy. Hindi ko siya magawang tingnan. **"Where is your brother?"**

"Nasaan si Maxwell?" mariing tanong ko. Binakuran na agad ako nina Heurt at Randall.

"Easy," muling humalakhak si Taylor.

Kumuyom ang mga palad ko saka ko tiningnan si Heurt. **"'Wag mong gagalawin ang kapatid ko. Magkakamatayan talaga tayo."**

"Natatakot ako." Tumawa siya.

"Nasa'n ang kapatid ko!" gilalas ko dahilan para mamuong bigla ang tensyon sa kwartong iyon.

Agad na yumakap si Maze kay daddy at naro'n agad ang takot sa mga mata niya. Ang pag-aalala ay nangibabaw sa mukha ng lahat.

"Ganoon ka ba talagang kabait at napakarami mong pagkakataong ibinibigay sa amin, Maxpein Moon? Hindi ka nag-iisip," nakakainsultong aniya. **"Iiwas na sana kasi kami pero ano ang aming magagawa kung ang grasya na ang kusang lumalapit, Maxpein Moon?"**

"Anong kailangan niyo?"

"Marami."

"Sabihin mo, ibibigay ko. 'Wag mong gagalawin ang kapatid ko."

"Nagalaw ko na, eh, paano 'yon?"

Napamura ako. **"Nasaan ka?"**

"Bakit?"

"Papatayin kita!"

Mabilis na nanggigil ang kalamnan ko. Ang galit na akala ko ay nakalimutan ko na ay panandalian lang palang nawala. Dahil ang galit na nararamdaman ko sa buo nilang pamilya ay muling nagbaga sa dibdib ko. Ang mga palad ko ay kating-kati na hanapin sila. Lalo na ngayong hawak nila si Maxwell.

~To Be Continued. . . ~

OceanofPDF.com

CHAPTER 223 : THE VENGEANCE 5

CHAPTER 223 : THE VENGEANCE 5

Who's back with a vengeance?

LOVEMIR'S POV

NAPALINGON AKO sa pinto dahil sa sunod-sunod na door bell. Wala akong inaasahang bisita kaya naman gano'n na lang katagal bago ko nagawang kumilos. Sandali pa akong napatitig sa pinto. Dahan-dahan at maingat akong nagtungo sa pintuan, patuloy naman ang pag-iingay ng door bell. Hindi ako gumawa ng ingay hanggang sa masilip ko kung sino ang naro'n.

Nangunot agad ang noo ko nang makita ko si Taylor. Halatang naiinip na sa paghihintay, sunod-sunod ang pagpindot niya sa buzzer habang humihithit ng sigarilyo. Napabuntong-hininga ako nang makita ko sa kaniyang likuran sina Christian at Cargosin. Pare-pareho silang naiinip nang mapagbuksan ng pinto.

Humugot ako nang malalim na hininga saka muling sumilip. Hindi sila pupunta rito kung alam nilang wala ako.

"Pasukin na natin," bagaman mahina ay nadinig ko ang sinabi ni Christian. Nagtanguan sila saka sabay-sabay na tumalikod.

Noon ko lang binuksan ang pinto. Dahilan para sabay-sabay uli silang mapalingon.

Napamura si Taylor habang nakangisi sa 'kin, paniguradong naasar siya sa paghihintay. Pero nasa dugo niya na ang pagiging sarkastiko. **"Bakit napakatagal mo naman kaming pagbuksan?"** Hindi ko siya sinagot. **"Totoo nga ang balita, buhay ka pa, Lovemir!"** Lumapit siya at yayakap sana sa 'kin pero humakbang ako papalayo.

Dahil do'n ay mas lumuwang ang pagkakabukas ng pinto, naging madali para sa kanilang tumuloy.

Muli akong napabuntong-hininga, hindi pa rin binibitiwan ang door knob, habang isa-isa silang pinagmamasdan.

Napanood ko nang igala ni Cargosin ang paningin sa kabuuan ng bahay bago lumingon sa 'kin. **"How are you, brother?"**

Kumunot ang noo ko pero hindi ko nagawang tumugon. Muli akong humugot at nagpakawala nang malalim na hininga. Saka ko uli sila tiningnang isa-isa.

"Baka gusto mo kaming paupuin?" sarkastiko na namang ani Taylor.

"You always do what you want to do, Taylor. What's the use of asking me?" sarkastiko ko ring tugon.

Umangat ang gilid ng kaniyang labi, nakadaragdag sa mayabang niyang dating habang nakapamulsa sa suot na itim na jacket.

Naupo sila nang sabay-sabay. Pinagkrus ni Cargosin ang mga hita at braso saka deretsong tumitig sa 'kin. Parang ipinagtaka niya pa ang pananatili ko sa harap ng pinto kaya isinenyas niya sa 'king maupo.

Awtomatiko akong napahugot ng hininga. Pinakawalan ko lang iyon habang isinasara ko nang marahan ang pinto. Kakaiba ang pakiramdam. Aminado akong matindi ang kaba sa aking dibdib. Habang nakatalikod ako sa kanila ay tila ba sumasaksak sa likuran ko ang kanilang paningin.

Pinanood nila akong maupo sa pang-isahang silya sa kanilang harapan. **"Anong kailangan ninyo?"** seryoso kong tanong.

"Marami," nakangising sagot ni Taylor. **"Pero magkumustahan na muna tayo. Pakiramdam ko ay matagal nang panahon mula nang kumustahin ko ang pagiging matino mo. Kumusta, Amato?"**

Hindi ko siya sinagot. Nanatili akong nakatingin sa kanila at pilit na iniinda ang ilang masasakit pang parte ng katawan ko.

"Hindi pa naghihilom ang mga sugat mo?" itinatago ni Christian ang pag-aalala sa tinig niya. **"Kung hindi ka sana tumalikod sa 'min..."** Hindi niya itinuloy ang kung ano mang sasabihin.

"Bakit kayo naparito? Bakit hindi ninyo pa ako deretsahin?" seryoso ko pa ring tanong.

"Hindi ka pa nga nang-aalok ng kape, iniinteroga mo na kami?" sarkastiko talaga si Taylor.

Nang hindi ko siya sagutin ay nakapamulsa siyang tumayo. Nakatingala siya sa mga gamit ko at marahang naglalakad. Halos ikutin niya ang buong lugar na iyon ng sala. At huminto lang siya nang naro'n na siya sa mismong likuran ko.

Naramdaman ko nang bahagya siyang tumunghay at pumantay sa aking mukha. **"Isang pagkakataon, Amato. Sumama ka sa amin,"** halos

pabulong niyang sabi.

Tumaas ang kilay ko. **"Bakit ko naman gagawin 'yon?"**

Umayos siya ng tayo at naglakad papunta sa harapan ko. Nakapamulsa pa rin. **"Simple lang ang sagot sa estupido mong tanong. Wala ka nang pakinabang sa lugar na 'to, Lovemir. Kami na lang ang natitira mong pamilya. Bakit hindi ka na lang sumunod?"**

"Alam mong kompara sa 'yo ay mas kakayahan akong buhayin ang sarili ko, Taylor."

Nawala ang sarkasmo sa kaniyang mukha. **"Nakahiligan mo nang magmalaki, nahawa ka na sa mga Moon."**

"Lahat na lang ay sa kanila mo isinisisi."

Umasta siyang namangha sa isinagot ko. **"Natatandaan ko pa ang galit mo noon, Lovemir. Ano ang nangyari?"**

"Tama na iyan," sumabat si Cargosin. Nagkatinginan kami nang matagal. Tila nagpapakiramdaman sa hindi malamang dahilan.

Batid kong magtutuloy na sana sa sasabihin si Cargosin nang may marinig kaming paghinto ng sasakyan sa harapan. Sabay-sabay kaming napalingon sa bintana bago muling nagtama ang paningin namin ni Cargosin.

"Espesyal ka talaga masyado, Amato," halos pabulong na sabi ni Taylor. **"Maraming bumibisita sa 'yo,"** dagdag niya saka maingat na naglakad patungo sa bintana.

Maingat niyang iniawang ang kurtina gamit ang pinakamaliit na daliri saka sumilip. Napanood kong mapalitan ng pagngisi ang inosente niyang hitsura. Tuloy ay hindi ko napigilan ang sarili kong tumayo at lumapit sa kaniya.

Agad na nangunot ang noo ko nang makita ang panganay na Moon. Nakatingala siya sa harap ng gate ko at tila ba pinakikiramdaman kung may tao dito sa bahay.

"Hindi lang talaga babae ang nabubulag mo," pabulong pa ring sabi ni Taylor. **"Maging lalaki ay nahuhumaling sa iyo."**

Inis ko siyang nilingon dahil sa sinabi niya. *Sira-ulo.* **"Ano naman ang ginagawa niya dito?"** hindi ko napansin ang sarili kong naisatinig ang tanong sa isip ko.

Naramdaman kong tumayo sina Christian at Cargosin. Nasa likuran namin sila ni Taylor at malamang ay sumisilip din. Binitiwan ni Taylor ang kurtina at sumenyas sa 'kin. Gusto niyang pagbuksan ko ng pinto si

Maxwell. Sinenyasan niya rin ang dalawa pang kasama. Humakbang ang dalawa papunta sa gawi kung saan hindi agad sila makikita kapag binuksan ko ang pinto. At batid kong sa sandaling iyon ay may binabalak na sila.

"Buksan mo ang pinto," pabulong na sabi ni Taylor.

"Bakit ko gagawin 'yon?" pabulong ko ring tugon.

"Dahil gano'n ang akmang pagtanggap ng bisita, Lovemir."

"Ano ang binabalak ninyo?"

"Hayaan mo, mamaya ay makikita mo." Ngumisi siya.

"Hindi ko bubuksan ang pinto."

Nag-angat siya ng labi, tumitig sa 'kin at saka humakbang papalapit. Ikinagulat ko ang biglaan niyang pagbunot ng baril at deretso iyong itutok sa pinto, habang nananatili sa 'kin ang kaniyang paningin. Batid kong sa sandaling iyon ay nasa labas na ng pinto si Maxwell.

"Bubuksan mo o babarilin ko ang pinto?" pabulong niya pa ring sabi.

Gulat akong napalingon sa pinto nang mag-ingay ang buzzer doon na may kasunod na pagkatok. Nandoon na talaga si Maxwell. At kahit hindi ako sumilip sa viewer, mula sa distansya ko sa pinto ay nakikita ko ang maliit na imahe niya mula ro'n.

"Mas madaling kalabitin ang baril ko kaysa magtago, Amato," pabulong na namang sabi ni Taylor.

Bumuntong-hininga ako at sinamaan siya ng tingin. Hindi na ako nagsalita. Basta na lang ako humakbang papalapit sa pinto habang masama pa rin ang tingin.

"Galingan mo," dagdag ni Taylor, bumubulong pa rin. **"Kailangang maramdaman niyang mag-isa ka lang dito."**

Kunot-noo kong hinawakan ang door knob. Sinasadya kong bagalan ang pagkilos. Sa ilalim ng isip ko ay hinihiling kong sana ay may mas iiiksi pa ang pasensya ni Maxwell. Sana ay hindi na siya makapaghintay pa at umulit sa pagpindot ng buzzer. At sana ay umalis na lang siya.

"*Rápido,* Amato," bulong ni Taylor na minamadali ako.

Humugot muli ako nang malalim na hininga bago pinihit ang siradura. Matinding liwanag ang sumalubong sa 'kin kaya halos mapapikit ako habang inaaninag si Maxwell.

Tumango siya, hindi man lang ngumingiti. **"Good afternoon,"** bati niya.

Hindi ko nagawang sumagot. Tiningnan ko pa ang kabuuan niya. Napatitig ako sa hawak niyang bag, sa palagay ko ay emergency kit iyon. At alam ko na ang dahilan niya ng pagparito.

Gusto kong mamangha. Hindi ko naisip na babalikan pa nila ako, maski isa sa pamilya nila, at aalalahanin ang mga sugat na tinamo ko.

"Why are you here?" tanong ko.

"You have to be checked."

"No need."

"It is needed," kaswal niyang sagot, parang noon pa lang nauubusan ng pasensya. **"I assume responsibility for everything that happens to my patient."**

"Go home," akma kong pagsasarhan siya ng pinto.

Ngunit malamig na bagay ang dumako sa sentido ko. Nangibabaw rin sa pandinig ko ang pagkalabit ni Taylor sa gatilyo ng baril na iyon na itinutok niya sa ulo ko. Nagtangis ang panga ko, bahagya ring bumilis ang paghinga ko. Gusto kong magalit sa ginagawa nila sa akin. Pero wala akong nagawa kundi ang maestatwa at bigyan nang masamang tingin si Maxwell.

Bahagyang nangunot ang noo ni Maxwell, hindi inaalis ang tingin sa akin. **"I need to assess your situation to know if you need further medical advice,"** mayamaya ay aniya.

Kinabahan ako dahil naisip kong baka narinig niya ang kalabit ng gatilyo. **"As you can see, I'm okay,"** sinabi ko iyon habang bumubuntong-hininga, habang idinidiin ni Taylor ang nguso ng baril sa ulo ko.

Pasimple akong lumingon para samaan ng tingin si Taylor. Pero mas masama pala ang pagkakatitig niya sa akin. Sumenyas siya na ang ibig sabihin ay patuluyin ko si Maxwell. Lalo ko rin siyang sinamaan ng tingin. Dahil nasisiguro kong hindi siya magdadalawang-isip na iputok iyon kapag sumuway ako. Hindi lang ako ang mapapahamak kapag nagkataon, kaming pareho ng aroganteng Moon na ito.

"It seems like your visitors are notoriously impatient and pushy, maybe they can't wait to see me," dagdag ni Maxwell, dahilan para bigla akong mapalingon sa kaniya.

Hindi ko inaasahang mararamdaman niyang may iba pa akong kasama. *Totoo ngang kakaiba ang kanilang pamilya.* Kinabahan ako sa hindi malaman na dahilan. Lalo pa nang agawin ni Taylor mula sa akin ang siradura at kusang pagbuksan ang bisita.

"Maxwell Laurent del Valle-Moon," salubong ni Taylor. Nakangisi pa rin siya at nakikipagyabangan nang pagngiti kay Maxwell. **"Alam mo, hindi ko maintindihan kung alin ba sa dalawa ang apelyido ninyo?**

Iyong del Valle o Moon? Pakisagot mo nga ang tanong ko?" Wala na talagang hihigit pa sa pagiging sarkastiko niya.

"What do you think?" kaswal na sagot ni Maxwell. Gusto kong bumilib dahil hindi ko man lang siya kakitaan ng takot at kaba.

Ngumiwi si Taylor saka muling ngumisi. **"Apelyido siguro ng nanay mo ang del Valle at iyong ama naman ang Moon?"**

Noon lang ngumiti si Maxwell, nagmamalaki ang malalim niyang dimples. Pero hindi siya nagsalita, hindi siya sumagot. Ngumiwi lang at tumango ang napapahiyang si Taylor. Isinenyas niya kay Maxwell ang sala. Gusto kong maasar nang payapa naman itong sumunod at maupo. Walang kasinlakas ang loob niya dahil nakuha niya pang ilapag nang buong ingat ang dalang kit. Saka pinong-pinong kumilos para maupo nang magkakrus ang mga hita na para bang isang ganap na babae.

"*Marico*?" tanong ni Christian na kinukuwestiyon ang kasarian ni Maxwell.

"*Amanerado,*" nakangising tugon ni Cargosin na iniinsulto rin ang kasarian ni Maxwell.

Hindi man lang nag-angat ng tingin ang bagong dating sa dalawang nagsalita. Nag-angat siya ng tingin at nilingon ako. Isinenyas niya ang silya sa kaniyang harapan, pinauupo ako.

Tiim-bagang kong nilingon si Taylor, nakangisi na siya. **"Ang lakas ng karismo mo, loko,"** pabulong niyang sabi. Gusto ko siyang sapakin, siya lang ang natutuwa sa mga ganoong biro niya.

Hindi ako sumunod. Sa halip ay naglakad ako papunta sa gilid ni Maxwell at nakapamulsang tumingin sa kaniya. **"Inilalagay mo sa kapahamakan ang sarili mo,"** gitil kong sabi.

Naramdaman ko ang marahang paglapit ni Taylor. Tumayo siya sa harapan namin at buong yabang na ngumisi. **"Interesado talaga ako sa pamilya ninyo,"** aniya sa bisita. **"Anong klaseng mga tao kayo? Masyado kayong misteryoso. Halos walang makapagbigay sa amin ng impormasyon tungkol sa inyo. Nabubuhay kayo sa mundong ito nang may taglay na lakas at kapangyarihan pero kataka-takang iilan ang tunay na nakakikilala sa inyo."** Pinakadiinan niya ang ilan sa mga salitang sinabi. **"Interesado akong makilala kayo nang lubos. Gusto kong malaman ang lahat. Lalo na ang tungkol sa organisasyon ninyo. Ano ang lihim sa inyong pagkatao? Sino kayo?"**

Nilingon ko si Maxwell at nakita ko nang panawan siya ng emosyon sa mukha. Sumeryoso siya na para bang anumang oras ay pasasabugin niya ang ulo namin.

"You need to know the first rule," sinabi ni Maxwell iyon nang bahagyang naniningkit ang mga mata.

Ngumiwi si Taylor. Nilingon pa kami bago nakangising bumaling ulit sa kausap. **"What rule?"**

"Do not ask questions," ang halos pabulong na tinig ni Maxwell ay may kung anong kilabot na hatid.

Matagal na katahimikan ang nangibabaw. Batid kong gaya ko ay naramdaman niya ang kung anumang mayroon sa tono nang pananalita ni Maxwell. Matagal bago nagawang kumilos ni Taylor. Nanlilisik na ang mga mata niya nang tunghayan at titigan ang kabuuan ng mukha ni Maxwell.

"Magaling ka rin kayang gaya ng kapatid mo?" halos pabulong niyang tanong.

"Try me," pabulong ding sagot ni Maxwell.

Pathetic asshole. **"Enough,"** iniharang ko ang braso ko sa pagitan nila. Tiningnan ko silang pareho. **"Huwag dito sa bahay ko."**

"Tara sa labas kung gano'n," sagot ni Taylor, hindi man lang maputol ang masamang titigan nila ni Maxwell. **"Tingnan ko ang tapang mo."**

Pero hindi na sumagot si Maxwell. Nakita ko pa nang alisin niya mula sa pagkakakrus ang kaliwa niyang hita at buong puwersa iyong itinadyak kay Taylor! Bumagsak si Taylor sa center table na agad na nabasag.

Sinamaan ko ng tingin si Maxwell na noon ay nakatayo na. At buong yabang na inaayos ang coat ng semi-formal niyang suot.

Akma namang susugod sina Cargosin at Christian ngunit gamit ang hintuturo ay nagawa silang pigilan ni Taylor. Nahihirapan man ay nagawa niyang bumangon at pagpagan ang sarili. Walang-alinlangan niyang binunot ang baril mula sa likuran at ipinutok iyon kay Maxwell! Pero sa pagkamangha ko ay ganoon na lang kaprente ang pag-iwas nito! Tila naglakad lang papunta sa gawing malapit kay Taylor at sinugod ito. Niyakap ni Maxwell mula sa bewang si Taylor dahilan para mapaatras ito. Bigla ay sinapo ni Maxwell ang likuran ng mga hita ni Taylor at pinuwersa ang mga iyon papunta sa katawan niya. Dahilan para patalikod muling matumba sa basag na mesa si Taylor.

Iyon na ang hudyat nang pagsugod ni Cargosin na agad namang sinalubong nang malakas na sipa ni Maxwell! Hindi pa ito doon nakontento

dahil bago bumagsak si Cargosin ay siniko siya ni Maxwell sa mismong gitna ng kaniyang likod. Napasigaw si Cargosin na animong sandaling naparalisa. At bago pa man makakilos si Christian ay initsa na ni Maxwell ang isang unan sa kaniya! Nagawa mang bumawi ni Christian ay huli na dahil nasa likuran niya na rin si Maxwell. Dalawang beses niyang siniko ang batok ni Christian dahilan para mapayuko ito! Hinila niya mula sa noo si Christian upang umayos ito sa pagkakatayo. Saka ito sinuntok ni Maxwell sa mismong lalamunan! Hindi halos nagawang makasigaw ni Christian dahil sa sakit. Nasapo niya ang leeg gamit ang dalawang kamay at sa gano'ng posisyon naghikahos sa paghinga.

Dinampot ni Maxwell si Christian mula sa likurang bahagi ng damit nito. Walang nagawa si Christian kundi ang magpakaladkad sa kaniya. Halos ibato siya ni Maxwell sa ibabaw ni Taylor. Nang makita niyang kumilos si Cargosin ay napakalayo ng buwelong ginawa niya para masipa ito sa mismong mukha!

Sinubukang tumayo ni Cargosin pero nabigo siya. Halos pabagsak niya ring naihigang muli ang ulo niya. Nakahawak siya sa dibdib at braso saka namimilipit na nagpaikot-ikot sa sahig. Panay ang gitil niyang pagmumura. Habang si Christian naman ay gano'n din, tila agad na pinanghina ng iilang dagok na tinamo niya.

Nakita ko nang pumulot si Maxwell ng isang bahagi ng nabasag na salamin saka ako hinila. Ipinuwesto niya ako sa harapan niya at saka niya itinutok ang matalim na bagay na iyon sa tagiliran ng leeg ko.

Nangibabaw ang nakakainsultong halakhak ni Taylor. **"*Mierda*! May angking talento ka rin pala?"** aniya habang pinipilit tulungan ang sariling makatayo. **"Pagod ako, pasensya na. Hindi ko tuloy nagawang tapatan ang pagpapakitang-gilas mo."**

"Tsh," singhal ni Maxwell. **"Don't worry, stretching lang iyon."**

Nag-angat ng labi si Taylor. **"Nasa rule din ba ng pamilya ninyong maging ganito kayayabang?"**

"Nasa dugo iyon, dumadaloy, nananalaytay, naisasalin at namamana." Batid kong nakangisi si Maxwell nang sabihin iyon. Pero nararamdaman ko ang galit sa kaniyang tinig. **"At kapag dumating ang pinakamayabang sa amin, isa-isa niya kayong tatapusin."**

Matagal na tumitig si Taylor kay Maxwell nang nakangisi. **"Akala mo ba ay panghihinayangan ko ang buhay na hawak mo?"** tanong niya sabay putok!

Nabigla ako nang halos itapon ako ni Maxwell sa pagtulak! Dali-dali ko siyang nilingon at gano'n na lang ang gulat ko nang makita ko siyang nakatayo. Dahan-dahang napapaatras habang sapo-sapo ang kaliwang bahagi ng tiyan niya. Duguan ang kamay niyang mabilis na nanginig at nakatingin siya doon. Mabilis na umagos ang dugo at kumalat sa puti niyang polo.

"Taylor!" gilalas ko sabay sugod. Pero sa isang iglap ay nakaiwas siya at naihampas ang baril sa batok ko.

Nalugmok ako sa sahig pero nanatili akong gising. Masakit ang ginawa niya pero hindi sapat iyon para matigilan ako. Agad akong tumihaya at tiningala sila.

Dahan-dahang nilingon ni Maxwell si Taylor. Kakaiba talaga sila. Wala man lang nagbago sa hitsura niya at tila nagalit pa!

"Ano, lalaban ka pa?" galit nang tanong ni Taylor.

"Tigilan mo na!" gilalas ko kay Maxwell. **"Hindi talaga sila magdadalawang-isip na patayin ka, kaya kung gusto mo pang mabuhay ay umalis ka na!"**

"Bobo!" bumaling sa 'kin si Taylor. **"Sa tingin mo ba ay patatakasin ko siya? Bobo! Tumayo ka nga diyan!"** sumugod siya sa 'kin at dinampot ako sa kuwelyo. **"Tumayo ka!"** padarag niya akong pinabangon at ibinato papalapit kay Maxwell.

"You're stupid!" singhal ko kay Maxwell.

"For saving you, yes," nakangising aniya.

Gusto kong matawa nang prente niyang hubarin ang suot na coat at itabing iyon sa tama niya. Saka siya naupo na para bang walang kalaban sa kaniyang harapan. Pinanood niya pang bumangon sina Christian at Cargosin. At gusto ko siyang sigawan nang ilingan niya ang akmang magpasugod ng mga ito na pinigilan ni Taylor.

"Tell me what do you want?" seryosong tanong ni Maxwell kay Taylor.

Ngumisi si Taylor. **"Let your sister decide."** Dinukot niya mula sa bulsa ang kaniyang telepono.

"Taylor, tigilan mo na!" sumugod ako at akmang aagawin ang telepono sa kaniya.

Mabilis niya iyong naiiwas. **"Patay na patay ka sa babaeng Moon, Amato."**

"Tigilan mo na," nagbabanta kong sabi.

"Hindi ka magugustuhan no'n. Patay na patay rin iyon sa kaniyang nobyong walang silbi."

"Tigilan mo na! Ano pa ba ang mapapala mo sa ganitong ginagawa mo?"

"Marami. Kailangan nating makabayad sa hangal na si Mr. Wood, Lovemir."

"Natin?" Sininghalan ko siya.

"Oh, hindi ka na nga pala namin kaisa," ngumisi siya. **"Eh, kung patayin na lang din kaya? Sagabal ka lang, eh!"**

"Pwede bang manahimik ka na lang, Lovemir?" sabat ni Cargosin. **"Hindi ka na nga nakakatulong, masyado ka pang mabunganga."** Napatitig ako sa kaniyang sinabi.

Gusto kong manibago sa uri ng pakikitungo sa 'kin ni Cargosin. Kataka-takang hindi man lang ako nakatikim nang kahit na anong pananakit mula sa kaniya. Hindi iyon normal sa kaniya. Mula nang masira ang hindi naman kagandahang relasyon namin ay walang sandaling hindi niya ako sinasaktan nang pisikal. Hindi ko siya nagagawang labanan dahil sa kakakarampot na respeto ko para sa kaniya at sa aking ama. At para na rin kay Eerah Anitha.

Pero sobra na ito masyado. Hindi ko na kayang manood pa. Ngunit nasisiguro kong hindi sapat ang lakas ko para iligtas ang kahit na sino. Hindi pa ako magaling. Bagaman nakikita kong gaya ko ay may iniinda ring sakit ang mga kaharap ko ngayon.

"Tatawagan ko ang babaeng Moon," mayamaya ay ani Taylor. **"Ipasusundo ko ang pinakamamahal niyang kapatid."** At mayamaya lang ay nakangisi na siyang nakikinig sa kabilang linya.

Gumagana ang utak ko pero hindi iyon kapaki-pakinabang sa ngayon. Wala akong maisip na paraan! Kailangan kong mapigilan si Maxpein ngunit hindi ko alam kung paano.

"Condolence," nagulat ako nang magsalita si Maxwell. Nilingon ko siya nang may nagtatakang tingin. **"May all your souls rest in peace."**

Napailing ako sa pagtataka kung bakit niya iyon sinasabi. Pero ang kabang idinulot ng mga salita niyang iyon sa akin ay tila kamay na hinaplos ang natutulog kong kaba.

DEIB'S POV

SAKSI AKO sa matinding panggigigil ni Taguro. Hindi ako mapakali habang nakatingin sa kaniya at naghihintay sa mga susunod pa niyang sasabihin. At tulad ko ay halos mag-panic na rin ang mga naro'n. Wala pa

man kasi siyang sinasabi ay nasisiguro ko nang may hindi magandang nangyayari. At mukhang may kinalaman iyon sa mga Rewis at kay Maxwell.

Sinusubukang sumingit ni Maze sa pakikipag-usap ni Taguro pero pinipigilan siya ni More. Panay ang pag-iwas ni Taguro at sinasarili ang pakikipag-usap pero hindi talaga mapakali si Maze. Nag-aalala siya panigurado para sa kaniyang anak.

Napapikit si Taguro pero naro'n pa rin ang kaniyang panggigigil. **"Sabihin mo na sa 'kin kung anong kailangan mo, Taylor. Ibalik mo sa 'kin ang kapatid ko!"** Pinanood namin siyang makinig sa kabilang linya. **"Pera ang kailangan ninyo, hindi ba? Ibibigay ko ang lahat ng kailangan ninyo, ibalik mo sa akin nang buhay ang kapatid ko, Taylor. Ibalik mo sa akin nang maayos ang kapatid ko."**

Muli siyang napapikit matapos makinig sa kabilang linya. Paniguradong hindi niya lalo nagustuhan anumang isinagot ni Taylor sa kaniya. Sabay-sabay kaming naghintay ng iba pang naro'n. Pero pinutol na ni Taguro ang linya at gano'n na lang ang gulat namin nang bigla niyang ibato ang hawak na espada!

Nanginginig si Taguro. Galit na galit na nakatitig sa kung saan. Namumula ang buong mukha niya at nakakuyom ang kaniyang mga palad.

Kaming mga naro'n ay nakatingin lang sa kaniya at hindi malaman kung ano ang unang gagawin. Pare-pareho kaming naghihintay nang sasabihin niya.

"What's going on, Maxpein?" Si More ang bumasag sa katahimikan.

"Prepare for torture," mahinang tugon ni Taguro na siyang ikinabigla ng lahat. Sobrang hina pero nagawang madinig ng lahat. **"I am going to torture them... to death."**

Matagal bago nakasagot si More, **"Where is your brother?"** mahina niya ring tanong, naro'n ang kaba.

"They have him."

"You're talking about the Rewis?" Klaro ni More. Napapikit din siya nang tumango si Taguro.

Agad na napakayakap si Maze sa asawa at pinangiliran ng luha. Nakita ko ang pagpipigil niya habang binibigyan ng nagtatanong na tingin ang mga kapamilya niya.

Napatingin ako sa pamilya ko na nag-aalala rin nang sobra. Pero hindi gaya ng mga Moon ay bakas sa amin ang kawalang kakayahang mag-isip at

kumilos pagdating sa mga ganitong bagay.

Noon pa lang humarap si Taguro sa 'min, na kay Heurt agad ang kaniyang paningin. **"Give me his family."**

"What?" nagugulat na tugon ni Heurt, sunod-sunod ang pag-iling niya.

"Taylor's family," masama ang titig ni Taguro. **"I want his family."**

"No."

"Yes."

"No," mas mariing tugon ni Heurt.

"I want to be fair, Heurt. Give them to me." Isa-isa niyang sinabi ang bawat salita ng huli niyang linya.

"Maxpein?"

"Kilala mo 'ko, Heurt. Kahinaan ko ang mga taong mahal ko sa buhay," napakahina na namang sagot ni Taguro. **"Ilang pagkakataon ba ang ibibigay ko sa kanila?"** pabulong na asik niya, nanggagalaiti sa galit. **"Wala na akong oras para maghanap pa kaya pakiusap, ibigay mo sa 'kin ang pamilya niya, Heurt."**

Bumuntong-hininga si Heurt. **"Kukunin natin si Maxwell,"** naniniguro ang tinig niya. **"Ililigtas natin siya nang walang madadamay na iba, Maxpein. Magtino ka."**

"Kinukuha nila ang katinuan ko," galit na galit si Taguro.

"Maxpein..." Bago ko pa mapigilan ang sarili ko ay nabanggit ko na ang pangalan niya.

Matagal bago ako nilingon ni Taguro. Pero nang magtama ang paningin namin ay naro'n pa rin ang kaniyang galit. Nakakatakot, binubuhay ang matinding kaba ko. Nag-aalala ako sa pwedeng mangyari sa gabing ito. Nag-aalala ako sa gagawin niya at magiging kapalit ng mga kilos niya.

Umiling ako, iyon ang paraan ko nang pagpaparating sa kaniyang ayaw kong gumawa siya ng bagay na maaaring ikapahamak niya. At sa isip at puso ko ay umaasa akong mapapapayag ko siya sa gusto kong mangyari.

Pero nabigo ako nang talikuran niya ako. Agad na humabol sa kaniya sina Heurt at Mokz.

"You're not going to do something stupid, Maxpein, aren't you?" tanong ni Mokz na siyang nakapagpahinto kay Taguro, at sa lahat ng naro'n, nang makarating kami sa sala.

Dahan-dahan siyang nilingon ni Taguro at ang lahat ng takot ko ay nagsama-sama dahil sa sobrang sama nang pagkakatitig niya kay Mokz.

Wala pa man siyang sinasabi ay nangunguwestiyon na ang nag-aapot niyang tingin.

"What?" bagaman mahina ay naro'n ang diin sa tinig ni Taguro. Unti-unti siyang naglakad papalapit kay Mokz. **"What did you say?"**

Tumindig nang ayos si Mokz at makapangyarihang tumitig sa kaniya. **"You know what I'm talking about, Maxpein."**

Tumango-tango si Taguro. **"Lahat ba nang ginawa ko ay estupido para sa 'yo, Mokz?"**

Kunot-noong tumitig si Mokz sa kaniya. **"Alam mo kung ano ang tinutukoy ko, Maxpein, huminahon ka."**

"Hindi ko nagustuhan ang tanong mo. Uulitin ko, estupido ba para sa 'yo ang lahat ng ginawa ko?"

"Maxpein!" gilalas ni Mokz.

Tumitig si Taguro sa kaniyang lolo nang deretso. Ni hindi ko man lang yata nakitang kumurap ang mga mata niya. Matinding galit ang mababasa sa paningin niya. Galit na tinging sa kaaway niya lang ibinibigay.

Lumapit si Heurt at hinila sa siko si Taguro. **"Hindi lahat ay kalaban mo, Maxpein. Kumalma ka."**

Hindi pa rin inaalis ni Taguro ang paningin kay Mokz. Mabilis ang paghinga niya at sa pagkakakunot ng kaniyang noo ay para bang libo-libong tanong ang namumuo sa isip niya. Kakaibang tensyon ang namuo sa pagitan ng lahat. Tensyon na hindi ko pa nararamdaman noon. Pakiramdam ko ay pinakamatindi itong ngayon.

"Maxpein," hinawakan na ni Heurt sa magkabilang pisngi si Taguro at pilit na iniharap sa kaniya.

Pero hindi na nag-angat ng tingin pa si Taguro. Nakatingin siya sa katawan ni Heurt pero ang galit ay naro'n pa rin.

"Ayaw nilang makipagkita sa akin," mahinang sabi niya. **"Binigyan nila ako ng isang araw para harapin sila at hindi ko alam kung saan sila hahanapin."** Nag-iwas siya ng tingin para kumawala sa mga kamay ni Heurt pero hindi siya nito pinakawalan.

Nanginginig pa rin ang boses niya. Nandoon pa rin ang galit. At hindi ko maintindihan kung paano niya nagagawang ilabas ang nakakahawang emosyon sa ganoong sitwasyon. Sadyang kakaiba. Nakakahawa kaya hindi ko napigilang pamasaan ng mga mata. Sunod-sunod na pagkurap ang ginawa ko saka ako napabuntong-hininga.

Hindi ko alam ang gagawin, paulit-ulit na lang. Sa t'wing may mangyayaring ganito, pakiramdam ko ay ako ang pinakawalang kuwentang tao sa buong mundo. Wala akong kapaki-pakinabang kahit sa pinakamaliit na bagay. At bawat sandali ay inaantig ako ng konsensya ko. Isip ako nang isip pero walang ginagawang kilos ang katawan ko para man lang makatulong.

"Kailangan kong makita si Maxwell, bago pa may masamang mangyari sa kaniya. Hindi ko na kayang mawalan pa ng isa, hindi ko kaya." Nangilid ang mga luha ni Taguro. **"Tulungan mo 'ko, Heurt,"** halos pabulong niyang sabi.

Nag-angat ng tingin si Heurt sa kaniya na para bang iyon na ang pinakanakakagulat na salitang sinabi ni Taguro. Emosyonal din siyang napatitig sa anak at hindi malaman kung anong kilos ang itutugon sa sinabi nito. At hindi pa man nagagawang magsalita ni Heurt ay napatakbo na si Maze para yakapin si Taguro. Humahagulgol siyang yumakap dito.

Lumapit din si Mokz kay Taguro at yumakap. **"I'm sorry,"** pabulong ngunit sinsero niyang sabi. **"I'm so sorry, Maxpein Zin."**

Nagbaba ako ng tingin, hindi ko sila magawang panoorin. Pakiramdam ko ay dinudurog ang puso ko. Dahil alam kong ang ibig sabihin niyon ay hinahayaan na nila si Taguro na kumilos. Wala pa man ay natatakot na ako at kinakabahan. Ayaw kong umalis si Taguro sa bahay na 'to. Ayaw kong mawala siya sa paningin ko.

"Pupunta ako sa bahay ni Lovemir," bumalik na ang normal na tono ni Taguro, normal na sa kaniya na para bang galit at nauubusan ng pasensya kung magsalita. **"Doon pumunta si Maxwell."** Bumitiw siya sa mga nakayakap sa kaniya at humakbang.

Wala siya sa sarili, nakatitig sa kung saan, kaya hindi niya naramdaman ang biglaan kong paghapit sa kaniya. Iyon na ang pinakamahigpit na yakap na ibinigay ko kay Taguro. Naramdaman ko ang kamay niyang animong nag-aalinlangan pang gumanti ng yakap. At hindi ko alam kung bakit nagiging emosyonal ako bagaman nagagawa ko rin iyong pigilan.

"Please don't leave, babe," pabulong kong sabi. **"I don't want you to leave."**

"Maxwell needs me," pabulong niya ring sagot.

Pakiramdam ko ay iyon na ang pagtatapos ng usapan. Alam ko naman ang sagot pero sumubok pa rin akong pigilan siya. Natatakot ako sa hindi

malamang dahilan. Napakaraming tumatakbo sa isip ko at hindi ko magawang pagtuunan ang bawat isa.

"Sasama ako, Taguro."

"'Yan ang hinding-hindi ko gagawin," aniya na biglang humiwalay sa 'kin. Tumitig siya sa mga mata ko, nawawalan ako ng pag-asa. **"You will stay here and promise me that you're not going to leave this place no matter what."**

"Taguro..."

"I'll be back." Sinabi niya iyon habang hinahaplos ang mukha ko, saka siya tumitig sa mga mata ko.

Pinagdikit ko ang noo namin. Napapikit ako para pigilan ang matinding pag-usbong ng emosyon ko. **"I love you, Maxpein,"** bulong ko.

"There's nothing I love more than having you. I love you more than I probably should, Deib," pabulong niya ring sabi.

Napahawak ako sa parehong kamay niya, ayaw kong bitiwan ang mga iyon. **"Why are you making me feel this way, Maxpein?"** mariing tanong ko. **"Bakit pakiramdam ko ay mawawala ka sa 'kin?"**

"Sshh..." Hinawakan niya ang labi ko. Pagmulat ko ay nakatingin na siya ro'n. Ngumiti siya nang magtama ang paningin namin. **"I'll be back for you, for good. And that's not a promise,"** mahina niyang sabi saka nagpatuloy. **"But a commitment."**

"We have to go," ani Heurt dahilan para lingunin siya ni Taguro.

Kakalas na sana sa 'kin si Maxpein pero hinila ko pa rin siya pabalik. **"Take care of yourself,"** bulong ko.

"I will," mahinang sagot niya saka tumiyad upang gawaran ako ng halik sa labi. Tiningnan niya ang lahat ng naro'n saka tumango nang matagal sa kaniyang pamilya.

Walang sali-salitang tinalikuran ni Taguro ang lahat. Magkasunod silang lumabas ni Heurt. Agad akong sumunod, agad din naman akong sinundan nina mommy at daddy. Bumubulong sila sa 'kin para pigilan akong sumama pero parang wala akong narinig. Wala akong balak na sumama, gusto ko lang makita si Taguro papaalis.

Halos sabay na sumakay sa motor ang mag-ina, gamit ni Heurt ang kay Naih. Hindi pa nag-iinit ang makina ay umarangkada na sila. Nag-iwan nang maputing usok ang pag-alis nila, tinanaw ko sila hanggang sa hindi ko na sila makita.

MABILIS NA lumipas ang oras. Ang lahat ay nananatili sa sala. Hindi namin magawang maghiwalay. Lumalalim ang gabi pero walang makaramdam ng antok sa amin. Pare-pareho kaming kabado at nag-aalala sa kung ano ang mangyayari.

Walang hinto sa paglalayag ang isip ko, hindi nawawala ro'n si Taguro. Siya lang ang iniisip ko. Nag-aalala ako sa kung ano na ang nangyayari sa sandaling ito. Pero kapag naaalala ko na magkasama sila ni Heurt ay bahagya akong kumakalma.

Natinag ako nang makipag-usap sa telepono si Parrot, mayamaya pa ay ipinasa niya iyon kay Maze. Paniguradong nakaramdaman nang pag-aalala ang kaniyang ina kaya biglang napatawag.

"Hindi pa rin ba tayo pwedeng tumawag ng pulis?" nag-aalala man ay naglakas-loob na magsalita si *Noona*.

"Masyado silang inosente, madadamay lang sila sa pwedeng mangyari," ani Mokz.

Hindi ako makapaniwala sa mga paniniwala at takbo ng isip nila. Kakaiba.

"Makadaragdag lang din sila sa problema, darating kung kailan huli na," dagdag niya.

"Eh, di tawagan natin habang maaga pa?" si daddy.

Umiling si Mokz. **"Hindi kami nasanay nang nasa paligid sila. Kilala na kami ng mga pulis, tikom ang bibig nila pagdating sa pamilyang ito."**

Napailing ako at naihilamos ang mga palad ko sa aking mukha. Ang pagiging misteryoso ng mga Moon ay dumaragdag sa bigat ng dibdib at ulo ko. Sumasakit ang sentido ko pero hindi ako dalawin ng antok.

Mayamaya pa ay natinag ng lahat nang mag-ring ang cellphone ko. Napatingin halos ang lahat sa 'kin nang tumayo ako upang kunin iyon sa mesa. Tumayo rin halos ang lahat para lapitan at tanungin ako kung sino ang tumatawag.

Napabuntong-hininga ako nang makita kung sino ang caller. **"Eerah Anitha,"** banggit ko sa pangalan niya.

"Lohr." Kakaiba ang tinig niya, hindi ako nasanay. Pakiramdam ko ay napakatamlay niya, malayo sa dati niyang pakikipag-usap sa 'kin. **"Your lolo is in danger."**

Umayos ako ng tayo. **"What?"**

"Sina Cargosin," pabulong niyang sabi. **"Papunta na sila ngayon sa bahay ng lolo mo."**

"A-Ano?" bulalas ko. Napatingala ako sa mga nakatayo sa harap ko.

"What is it? Who is it?" nag-aalalang tanong ni Maze.

Hindi ko siya nagawang sagutin. **"Paano ako makasisigurong totoo ang sinasabi mo, Eerah?"** hindi ko napigilang pagtaasan siya ng boses.

"I want this to stop, Lohr." Gumaralgal ang tinig niya at mayamaya pa ay naririnig ko na ang kaniyang paghikbi. **"We lost everything already."**

"Kung hindi pa kayo magkaganiyan ay hindi pa kayo hihinto," pasinghal kong sabi. **"Nasaan si Maxwell?"**

"M-Maxwell? What happened to Maxwell?"

"What the hell, Eerah? Tumawag dito si Taylor at sinabing hawak nila si Maxwell, nasaan siya!"

"Tone down your voice, Lohr. Tell me what happened?"

"No, you tell me what happened! Demonyo ka, Eerah Anitha, hindi na ako maniniwala sa 'yo."

"Maniwala ka sa 'kin ngayon, Lohr. They're on their way to your lolo's house."

Kinabahan ako bigla at napatitig kay daddy. Tinakpan ko ang telepono ko at bumulong, **"Please call Chairman Enrile, dad."**

"Why, what happened?" nag-aalala niyang tugon.

"Just do it, please," pakiusap ko bago muling binalikan si Eerah Anitha. **"Nasaan si Maxwell."**

"Hindi ko alam ang sinasabi mo," malumanay niyang sabi. **"Maniwala ka man o hindi, wala akong kinalaman kay Maxwell."**

"Hawak siya ng mga kasamahan mo, Eerah Anitha."

"We're not together. Umalis sila kanina pang umaga. At ngayon ay narinig ko si daddy na kausap si Taylor sa telepono. Inutusan niya iyong tatlo na pasukin ang bahay ng lolo mo."

"I'm not going to believe you."

"Then don't," kalmado niyang sabi. **"Huwag ka sanang magsisi kapag nalaman mong hindi mo na sila makikita pa. Dahil iniutos ng daddy ko na patayin sila kapag walang nakuhang pera."** Ibinaba niya ang linya matapos sabihin iyon.

"Damn it!" gusto kong ibato ang cellphone ko, mabuti na lang at napigilan ako ni Randall. **"That's Eerah Anitha Rewis, and she's**

warning me about the Chairman. The Rewis' are on their way to his house. He's in danger."

"What?" tanong ng halos lahat.

"What are we going to do now?" nag-aalala kong tanong.

Biglang tumayo si Mokz. **"We have to move now, we're going to his house."**

"Pero...sino ang maiiwan dito?" tanong ni Parrot.

"Deib Lohr," nagulat ako nang bigla akong tawagin ni Mokz. **"You have be brave, son. You have to take care of this family. You have to fight if something happens. You're not leaving here."**

"No," tanggi ni mommy. **"He can't do that, he can't fight. He's... His health is..."** nagsimula na siyang umiyak.

"Lacey, we have to do this," pigil naman ni daddy. **"Please, Chairman Mokz,"** tumango si daddy sa kaniya. **"Save my father."**

Hindi na sumagot si Mokz sa kaniya. Tinawag niya isa-isa ang mga isasama at gano'n na lang ang gulat ko nang makitang pati si Randall ay isasama nila. Naghalo-halo ang emosyon ko, takot, kaba, pag-aalala at kung ano pa. Hindi ko malaman kung ano ang gagawin ko.

Napasunod ako sa pinto para tanawin ang pag-alis nila. Lalong kumabog sa kaba ang dibdib ko. Pinasadahan ko ng tingin ang buong paligid pero lalo lang niyong dinagdagan ang takot ko.

"*Keopjeong-hajima, Hyung,*" hindi ko inaasahang magsasalita si Maxrill mula sa aking likuran. Sinabi niyang 'wag akong mag-alala. Nagugulat ko siyang tiningnan. **"There's many of us here,"** saka niya itinuro ang mga tauhan na noon ay isa-isang nagsipaglabasan at pumupuwesto sa harapan.

Sinipulan niya ang aso niya na noon ay nakalawit ang dilang tumakbo pababa. Dali-dali itong lumapit kay Maxrill at naupo sa kaniyang harapan. Hindi ko lalo maiintindihan ang mararamdaman ko. Ang pinakabatang Moon na ito ay hindi nalalayo ang pagiging wirdo sa pamilya niya.

"Heeyong, *baegoppa*?" tinanong ni Maxrill kung gutom na ang aso, kumahol naman ito. **"*Naddo,*"** malungkot na aniya na sinasabing gutom silang pareho.

Nilingon ko naman si Noona na noon ay hirap na hirap sa pagpapatulog ng malaki at mataba nang anak niya. Halos hindi ko na napanood ang paglaki ni RD dahil sa sunod-sunod na pangyayari.

Tiningnan ko ang mommy't daddy ko, gano'n na rin sina Manang at Noona na pare-parehong nag-aalala. Ang mga babae ay umiiyak na dahil sa sobrang takot at kaba.

Samantalang ako ay 'eto... nakatayo, naghihintay, nag-aabang, nag-aalala pero walang magawa. Wala akong pakinabang.

CARGOSIN'S POV

MALAYO PA lang sa bahay ni Chairman Enrile ay inihimpil na namin ang sasakyan. Lahat kami ay nakaitim kaya naman hindi magiging gano'n kadali sa iba na makita kami. Sinadya naming dumaan sa madidilim na parte ng kalsada para makaiwas sa mga taong gising pa nang ganitong oras.

"May nakatira pa ba dito?" tanong ni Christian. **"Parang wala nang tao."**

Walang kahirap-hirap naming natunton ang bahay. Totoo nga ang sinabi ni Christian, wala na ang mga tauhang nagbabantay. Ilang beses naming nirondahan ang lugar, mapaaraw o gabi ay tila ba may nagaganap na party dahil sa dami ng tao parati. Tahimik at payapa ang buong bahay kung titingnan ngayon. Katamtaman lang ang liwanag na nagmumula sa loob at gano'n din sa labas. Nakikisama ang sandali sa plano namin dahil wala ring tao sa kalsada. Magkakalayo ang mga bahay kaya naman imposibleng may makakita sa 'min.

"Huwag kayong gagawa ng ingay," sabi ni Taylor.

Siya ang unang umakyat sa bakuran, walang kahirap-hirap kaming nakapasok. Panay pa rin ang paglingon namin sa paligid bago tuluyang loobin ang bahay ng Chairman, gamit ang talento ni Christian.

Napapikit ako nang maramdaman ko ang lamig. Hindi ko na matandaan kung kailan ko pa huling naramdaman ang ganoong lamig na dulot ng centralized aircon. Nasasabik akong maramdaman uli ang karangyaan at maayos na buhay. Ang lahat ng iyon ay gusto ko uling ibigay kay Eerah Anitha. Iyong buhay na maayos at masaya.

At mas nasasabik akong bigyan ka nang matiwasay na buhay ngayong nararamdaman kong may nararamdaman ka na sa akin.

Palihim akong napangisi saka nagtuloy sa pagtingin sa tahimik na bahay. Kailangan naming magtagumpay sa planong ito. Dahil wala na kaming panahon pa para maghanap ng paraan upang mabayaran ang hangal na si Mr. Wood.

"Maghiwa-hiwalay tayong tatlo," sabi ko. **"Doon ka, Taylor. Doon ako. Doon ka naman, Christian."** Silang dalawa ang maghahanap sa

ibaba at ako naman sa itaas. **"Sumunod na lang kayo sa 'kin kapag wala kayong nakita."** Nagtanguan kami saka sabay-sabay na kumilos.

Agad kong inilabas ang baril ko at kumilos na parang isang pulis. Pilit kong nilalakihan ang mga mata ko para makita nang maayos ang daan. May kadiliman sa 'taas, hindi umaabot doon ang liwanag na nagmumula sa labas. Hindi ko naman maaaring buksan ang alinmang ilaw.

Hindi ganoon kahirap tuluntunin at tukuyin ang bawat haligi ng bahay. May kalakihan man ay iilan lang naman ang pintong nakikita ko.

Ang unang pinto na napasok ko ay study area ng Chairman. Maayos ang napakaraming libro sa nagtataasang shelf. May mesa sa gitna na para bang gawa pa sa pinakamamahaling uri ng kahoy. Ang mga silya ay nakakaengganyong tingnan. Gusto kong makadama ng inggit sapagkat ganoon ang opisinang nais ko noon.

Inalis ko ang paglalakbay ng isip ko at ginalugad ang buong kwarto. Naghanap ako ng bagay makapagtuturo sa 'min sa kayamanan ng mga Enrile. O mas maganda, kung makakakuha kami mismo sa sandaling ito ng sapat na halaga para mabayaran ang hangal na si Mr. Wood.

Ngunit sa itinagal nang pamamalagi ko sa kwartong iyon ay lumabas akong bigo. Lahat ng aparador ay binuksan ko at wala akong nakitang espesyal sa bulto ng mga libro at papel.

Ang sumunod na kwartong pinasok ko ay master's bedroom. Nakakabilib ang laki ng kwarto at nakakadismayang isang demonyo lang ang natutulog dito. Bawat kasangkapang daanan ng mga mata ko ay may nagmamalaking hitsura. Para bang sinumang pumasok dito ay walang karapatang hawakan ang alinman sa mga gamit.

Agad kong ginalugad ang buong kwarto. At lalo pa akong namangha nang may makita akong vault. Nanlaki ang mga mata ko nang makitang nakabukas iyon! Napalingon ako sa pinto at dali-daling lumapit sa vault. Gano'n na lang ang pag-awang ng labi ko nang makita ko ang isang makapal na bungkos ng pera. Para bang nagmamadali ang sinumang kumuha ng pera doon at hindi napansing may isang bundle siyang naihulog.

Binalasa ko ang pera nang may pagkamangha pa rin sa aking mukha. Hindi matawaran ang saya sa aking dibdib. Pakiramdam ko ay milyon-milyon na ang hawak ko kahit na ang totoo ay alam kong hindi iyon lalabis sa singkuwenta mil.

Aitana... Si Eerah Anitha agad ang naisip ko. At kalaunan ay gusto kong matawa sa sarili ko dahil din sa isiping iyon. *Para namang magagawa*

kaming ilayo ng halagang ito? Isa kang hangal, Lucargo. Isa kang hangal.

Minsan ko pang nilibot at ginalugad ang buong kwarto. Bukod sa bungkos ng perang ibinulsa ko ay wala na akong nakita pa.

"Masyado na tayong nagtatagal," pabulong na sabi ni Christian. Pareho na silang umakyat ni Taylor sa 'taas. Nakita na nila ang buong lugar sa 'baba at wala silang nakita.

Ginalugad ko na rin ang apat na kwarto sa 'taas at isa na lang ang hindi ko pa napapasok. Iyon ay ang kwartong nasa dulo ng hallway.

"Napapagod na ako, kulang pa ang pahinga natin," reklamo ni Christian. **"Bumalik na lang tayo sa bahay, mukhang wala tayong makikita dito,"** nakapamaywang niyang iginala ang paningin, nawawalan ng pag-asa.

Bumuntong-hininga ako. **"Iyon ang huling kwarto,"** itinuro ko ang nasa dulo. **"Pasukin natin iyon. At kapag wala tayong nakita ay uuwi na tayo,"** ginulo ko ang buhok niya.

Sumimangot siya. **"Walang tao dito, Sin. Imposible namang mag-iwan ng kayamanan ang mga iyon dito at umalis?"**

Nakangiti kong inilabas ang bungkos ng perang nakuha ko. At ipinakita iyon sa kanila. Gaya ng inaasahan ay nanlaki ang mga mata nila sa gulat. Hindi sila halos nakapagsalita agad. Natatawa ko silang pinanood na magpalitan ng tingin sa akin at sa pera na aking hawak.

"Nakita ko sa kwartong 'yon," itinuro ko ang kwartong nilabasan ko. Nilingon nila iyon at namamanghang tumingin sa 'kin kaya mas napangisi ako. **"Sa tingin ko ay marami pang ganito sa bahay na ito kung magtityaga tayo sa paghahanap."**

"At kung wala tayong mahanap?" dismayadong tanong ni Christian. Muli niyang sinulyapan ang bungkos ng pera. Tinitigan niya ito na para bang pinanghihinayangan niyang wala siyang nakitang ganoong halaga.

Kung noon ay barya lang sa akin ang gano'ng halaga ay nagagawa ko na itong pahalagahan ngayon. Kayamanan na agad ang tingin ko rito.

"Huwag kang mag-alala dahil kung wala tayong makita ay paghahati-hatian natin ito. Papartehan ko kayo," nakangiti kong sabi. **"Para sa ating lahat ito."**

"At paano si Wood?" seryosong tanong ni Taylor.

Nawala ang ngiti sa labi ko. **"Patayin na lang natin ang hayop na iyon kung wala tayong makita."**

"Mananalo ba tayo ro'n?"

Natawa ako. **"Kailangan nating manalo dahil kung hindi ay mapapatay niya talaga tayo."**

"Pulos ka kalokohan, Sin," pasinghal na iling ni Christian.

"Napakaiinit ng ulo ninyo. Kumalma nga kayo. Matuwa na lang kayong may ganitong halaga na tayo, oh?" muli ko iyong ipinakita sa kanila at inamoy.

Inagaw iyon ni Christian mula sa akin at inamoy rin. Matapos ay ipinasa niya iyon kay Taylor na noong una ay umilag pero nakiamoy rin sa huli.

Nakangiti ko silang pinagmasdan. **"Let's die together,"** wala sa sariling sabi ko.

Gulat na napalingon ang dalawa sa 'kin. **"Cargosin,"** umiiling na pagtawag ni Christian. **"Ano ba ang sinasabi mo?"**

Humalakhak ako. Pero sa loob-loob ko ay kinukuwestiyon ko rin ang sarili ko. *Kailangan ko ba talagang sabihin 'yon? Saan iyon nagmula?* **"Tara na, lumalalim ang gabi. Hindi tayo pwedeng abutan ng liawanag."**

Natitigilan man ay sinundan na lang nila ako matapos ko silang talikuran. Kakaiba na ang pakiramdam. Ang kaninang kaba ko nang pasukin namin ang malaking bahay ay tila nawalang parang bula. Naging kalmado ako at may kung anong saya akong nararamdaman sa puso ko.

Aitana... Ikaw ang dahilan nito. Ikaw ang dahilan ng lahat sa akin. Mahal na mahal kita.

Gusto kong isiping may espesyal sa huling kwartong iyon na siya ring nasa pinakadulo. Sa lahat ng kwarto sa bahay ay iyon ang namumukod-tanging naka-lock. Binakuran namin ni Taylor ang pinto habang si Christian naman ang nakaatas na magbukas niyon. Siya ang may pinakamalupit na talento sa kahit anong klase ng siradura kaya naman sisiw na iyon sa kaniya.

Matagumpay niyang nabuksan ang pinto, tiwasay rin kaming nakapasok. Iyon na yata ang pinakamadilim na kwarto sa buong bahay. Halos wala kaming makita dahil kakakarampot din ang liwanag na nagmumula sa labas. Ang bintana, bagaman dinadala ng hangin ang kurtina, ay wala ring sapat na liwanag.

"Wala akong makita," sabi ni Christian. **"Sana ay nagdala ako ng flashlight,"** aniya pa na hindi lumalayo sa amin.

Naglakad ako papunta sa kaliwa, si Taylor naman ay dumako sa kanan. Si Christian ang dumeretso sa gitna. Para kaming mga bulag na nangangapa

sa matinding kadiliman. At hindi ko alam kung paano kaming makakahanap ng anumang bagay na maaari ikatagumpay ng panloloob na ginawa namin.

"Hintayin muna nating masanay sa dilim ang paningin natin," matalinong ani Taylor. **"Mayamaya lang ay may makikita rin tayo,"** kalmanteng aniya.

Nagpatuloy lang ako sa paglalakad, ako na yata ang nasa pinakamadilim na parte. Walang bintana sa gawi ko, gano'n din naman sa gawi ni Taylor. Pero mas malapit ang bintanang nasa gitna sa gawi niya kaysa akin. Patuloy ang mga kamay ko sa pagkapa at marahang paghakbang ko upang walang mabangga.

"Buksan na kaya natin ang ilaw?" tanong ni Taylor. Gusto kong matawa.

"Ikaw rin ang sumuko sa dilim?" nakangisi kong sabi.

"Nagmamadali tayo at kailangang may mahanap tayo dito. Ayaw kong umuwi nang bigo," tugon niya, paniguradong nakangisi siyang gaya ko.

Gaya nang sinabi ni Taylor ay unti-unti ngang nasanay sa dilim ang paningin namin. Pero hindi pa rin naging ganoon kadali para sa aming maghanap. Nakikita ko na ang ilan sa mga gamit pero hindi ko pa rin matukoy ang ilan sa mga bagay. Hindi ko masabi kung alin ang kapaki-pakinabang o hindi. Wala akong makitang espesyal o alinmang mukhang kayamanan.

Hindi gaya ng mga naunang kwarto ang isang ito. Wala masyadong gamit sa kwartong ito. Ang nasa harapan ko nga ngayon ay isang mataas na estante at isang mababang cabinet naman ang nasa kaliwa.

"C-Cargosin..." Mayamaya ay tahimik akong tinawag ni Christian.

"Oh?" nilingon ko ang pinanggalingan ng tinig niya pero halos wala akong nakita. **"*Hermano*?"** pagtawag ko pero wala akong natanggap na sagot.

"Christian?" pagtawag ni Taylor.

Nagmadali akong maglakad papunta sa gitna nang malawak na kwartong iyon. Nagsalubong kami ni Taylor, naaaninag ko ang mukha niya mula sa dilim. Sabay muli naming tinawag si Christian pero walang sumagot sa 'min.

"Buksan mo ang ilaw," pasinghal na bulong ni Taylor.

Dali-dali akong dumako sa gawi ng pintuan at kumapa-kapa doon hanggang sa matunton ng kamay ko switch. Halos hampasin ko iyon para

mabuksan ang ilaw. Nakailang pikit pa ako nang kumalat ang liwanag sa buong kwarto. At nang masanay ang mga mata ko ay saka ko nilingon si Taylor.

Pero hindi niya na ako nagawang tingnan pabalik. Napako na ang paningin niya sa kung saan kaya naman nilingon ko rin iyon. Ang likuran ni Christian ang unang dinapuan ng mga mata ko. Nakatayo siya at hindi magawang kumilos.

At gano'n na lang ang kilabot na naramdaman ko sa buong katawan ko nang makita ko ang mga Moon! Sa kanila unang tumama ang aking paningin.

Mierda!

Nakaupo si Director Mokz sa silyang gawa sa kahoy at may mataas na sandalan. Ang mga kamay niya ay magkasalikop at nakapatong sa mesang nasa kaniyang harapan. Sina Maxrill, Maze, Maximor, Heurt, Randall Echavez, Chairman Enrile at Dean Dei Min Enrile ay pawang mga nakatayo sa likuran ng direktor.

Lahat sila ay nakatingin lang sa amin at walang mga emosyong mababasa sa mukha. Nakatingin sila sa amin na para bang kanina pa nila kaming pinapanood at pinagmamasdan.

Binalot agad ako nang matinding kaba. Hindi ko inaasahan ang bagay na ito. Mula kanina nang pasukin namin ang bahay na ito ay hindi ko man lang naisip na may ibang tao. Wala ang mga tauhan, walang bukas na ilaw, walang tao bukod sa amin.

Isang patibong ang lahat!

"*V-Vamonos*!" singhal ni Taylor, nanginginig ang tinig niya.

Tumalikod ako ngunit agad ding natigilan sa pagtakbo. Nang mangibabaw sa pandinig ko ang isang kalabog nang tila tumalon na tao.

Dahan-dahan akong napaharap pabalik at hindi nga ako nagkakamali. Nasa harapan ko na ngayon si Maxpein Moon!

Nakaluhod ang isa niyang paa habang ang isa naman ang siyang kinatutungkuran ng kanang siko niya. Nakayuko siya at para bang pinipigilan ang sariling gumawa nang matinding kilos.

C-Christian...

Hindi siya sa akin o kay Taylor nakaharap, kundi kay Christian. Nakorner niya si Christian at paniguradong wala itong matatakbuhan! Si Christian na noon ay mababasa na sa mukha ang takot at kaba, magkahalo na tila binabaliw siya. Hindi malaman ni Christian kung aatras o aabante sapagkat

isang malaking halimaw ang nasa kaniyang harapan. Si Maxpein Moon na walang makatalo sa aming lahat.

Napanood namin nang dahan-dahang tumayo si Maxpein. Nilingon ko si Taylor, nagtitigan kami na at sa pamamagitan ng paggalaw ng aming mga kilay ay nag-usap kami kung sino ang unang lalapit.

Wala akong lakas ng loob. Sa unang pagkakataon ay hindi tumubo ang lakas ko ng loob para sumugod. Naduduwag kong pinanood si Maxpein na itabi-tabingi ang ulo habang pinagmamasdan si Christian. Habang si Christian naman ay nagpapalitan ng tingin sa 'min at sa kaniyang kaharap. Gusto kong magwala dahil nababasa ko ang takot at paghingi niya ng tulong sa 'kin.

Sa unang paghakbang papalapit ni Maxpein kay Christian ay agad kaming napatakbo ni Taylor! Pero wala ni isa sa 'min ang nakalapit, pareho kaming naduwag. Lalo na nang lumingon siya sa magkabila nang hindi tumitingin sa gawi naming pareho.

Muli niyang ibinaling ang paningin kay Christian at humakbang! **"Binabalaan kita, hawak namin ang kapatid mo!"** pasigaw na sabi ko.

Ngunit hindi namin inaasahan ang mabilis na pagkilos ni Maxpein! Tumakbo siya at nilampasan si Christian. At gano'n na lang ang gulat namin nang talunin niya ang mesa at sipain sa ere si Christian! Bago pa man makabawi ni Christian ay agad na siyang sinalubong ng panibagong sipa ni Maxpein! Nakita ko kung paanong tumalsik ang dugo mula sa ilong at bibig niya. At bago pa man siya bumagsak sa sahig ay dinakma na siya ni Maxpein mula sa likuran sunod-sunod na pinagsusuntok sa mukha nang walang kahirap-hirap. Ang panghuli ay tumalon siya at tinadyakan sa dibdib si Christian dahilan para matumba na ito nang tuluyan matapos magpagulong-gulong. Mabilis na namaga ang kaliwang mata niya. Maging ang tainga niya ay dumurugo na rin.

Hindi... Hindi! **"Tumigil ka!"** sigaw ko.

Sa isip ko ay gusto ko siyang takbuhin at sugurin. Pero ang katawan ko ay hindi nakikisama sa 'kin. Hindi ako makakilos. Ang matinding takot at kaba sa dibdib ko ay pinaparalisa ang buo kong sistema. Ang galit ay naro'n sa 'kin pero hindi ko maloloko ang aking sarili, naduduwag ako.

Walang nagbabago sa reaksyon ni Maxpein. Tumitig siya sa amin saka tinapakan ang batok ni Christian. **"Nasaan ang kapatid ko?"** malumanay niyang tanong.

Nagbaba ako ng tingin kay Christian na noon ay panay ang pagkawag ng kamay at paa, hindi siya makahinga!

"Bitiwan mo siya," pakiusap ko habang nakaamba ang kaliwa kong kamay. **"Pakiusap."**

"Nasaan ang kapatid ko?" mas malumanay niyang tanong.

"Ibalik mo sa akin si Christian, ihahatid ko siya sa inyo," malumanay, napapalunok kong sabi.

Pero ang walang emosyong mukha ni Maxpein ay naging matigas hanggang sa mabasa ro'n ang galit! Hinablot niya sa buhok si Christian at sapilitang pinaluhod. Nakatalikod sa kaniya at nakaharap naman sa amin.

Nanlaki ang mga mata ko nang mula sa likuran ay naglabas si Maxpein ng patalim. At walang-alinlangan niya iyong itinutok sa sumisigaw na litid ni Christian. Nagwala ang sistema ko nang makita kong lumuluha si Christian.

"H-Huwag, pakiusap," sabi ko habang lumalapit nang puno ng alinlangan. Nakasuko ang pareho kong kamay sa kaniya pero parang wala siyang naririnig. Hindi ko maiwasang tingnan si Christian, awang-awa ako sa kaniya.

Magang-maga agad ang kaniyang mukha. Hindi na iyon kataka-taka dahil sa layo ng aking distansya ay naririnig ko nang malakas ang bawat suntok at sipa ni Maxpein. Gigil na gigil manakit ang Maxpein na kaharap namin ngayon. Malayo siya sa Maxpein na nakaharap namin noon. Mas malakas siya ngayon.

At ngayon ko lang naramdaman kung paano niya kaming pinagbibigyan noon.

"Nasaan ang kapatid ko?" tanong niya muli.

"N-Na kay Wood!" si Taylor ang sumagot.

Nagugulat kong nilingon si Taylor at gusto kong kuwestiyonin ang sagot niya. Gusto kong sabihin na huwag siyang makialam at magbitiw basta-basta ng salita. Dahil sa sandaling ito ay nararamdaman kong wala ng pagkakataon. Hindi na kami bibigyan ng mga ito ng isa pang pagkakataong mabuhay.

Mukhang magkakatotoo ang sinabi ko.

"Huling tanong, nasaan ang kapatid ko?" muling tanong ni Maxpein. Hindi siya naniwala kay Taylor.

"Na kay Wood--" Hindi na nagawang tapusin ni Taylor ang sasabihin.

Napaawang ang bibig ko nang saksakin ni Maxpein si Christian sa dibdib! Nangibabaw sa pandinig ko ang nakabibinging tinig ni *hermano*! Unti-unting nilipad ng hangin ang katinuan ko. Nananatili akong nakatayo at nakatingin lang sa pag-agos ng dugo ni Christian.

Ngunit hindi lang pala iyon ang kaniyang gagawin. Puwersahan niyang itinayo si Christian at itinulak papunta sa 'min. Nang akma na kaming lalapit ay saka tumakbo si Maxpein pasugod dahilan para mapaatras kami ni Taylor!

Sa gulat namin ay sunod-sunod na suntok at tadyak ang kaniyang iginawad sa dibdib ni Christian dahilan para halos sumuka ito ng dugo. Hindi ininda ni Maxpein ang bawat talsik, walang emosyon siyang nagpatuloy.

At bumagal nang unti-unti ang lahat sa paningin ko. Ang bawat hakbang sa takbo ni Maxpein ay mabagal kong napanood. Ibinanda niya ang kaliwa niyang paa sa dibdib ni Taylor, at pagharap ay nagawa niya nang sipain sa panga si Christian. Halos sabay na natumba ang dalawa.

Sumubok na tumayo si Christian bagaman hilong-hilo na. Hindi niya na magawang ibuka nang ayos ang mga mata. Ang mga kamay niya ay nangangapa sa harapan niya at wala sa sariling naglalakad.

Pero iyon na pala ang huling sandaling makakatayo siya. Dahil nang muling isipa ni Maxpein ang paa upang bumanda sa mesa, ay ulo na ni Christian ang kaniyang pinuntirya. Napanood ko nang mabagal sa aking paningin nang ikutin at baliin ni Maxpein ang kaniyang leeg.

Kasabay nang pagluhod ni Christian ay ang pagpatak ng aking luha. Nakaawang ang bibig niya at kahabag-habag ang hitsura. Maging ang padapang pagbagsak ng katawan niya ay narinig ko nang napakalakas.

"C-Christian!" bulalas ni Taylor, noon lang bumalik sa normal ang pandinig ko.

~ To Be Continued. . .~

OceanofPDF.com

CHAPTER 224 : THE VENGEANCE 6

CHAPTER 224: THE VENGEANCE 6

Who's back with a vengeance?

MAX'S POV

"SAAN TAYO pupunta?" tanong ni Heurt nang makalabas kami. Hindi ko agad siya nasagot. Pakiramdam ko ay nakalutang ako. Kung ano-ano ang itinatakbo ng isip ko. **"Maxpein?"**

"Hahanapin natin si Maxwell," wala pa rin sa sariling sagot ko habang sumasakay sa motor.

Nagulat ako nang hawakan niya ako sa magkabilang balikat. Hindi ko man lang namalayan ang paglapit niya. **"Alam kong mahirap para sa 'yo ito, pero nakikiusap ako sa 'yo, Maxpein, magtino ka."**

Nagkunot ang noo ko saka ako sunod-sunod na napabuntong-hininga. **"Kumilos na tayo,"** sabi ko habang inaayos ang helmet ko. **"Nawawala ang katinuan ko habang tumatakbo ang oras nang hindi ko nakikita ang kapatid ko."**

Nadinig ko siyang bumuntong-hininga bago tumango. Sinenyasan niya lang ako saka sumakay sa motor na gagamitin niya.

Hindi ko alam kung anong katinuan ang gusto nilang mangyari sa akin. Siguro nga ay nasanay silang kalmado ako sa lahat ng oras, nasa peligro man o delikado lang. Pero iba na ang sitwasyon ngayon. Namatay na ang Chairman dahil sa kapabayaan ko. Hindi ko na talaga mapapatawad pa ang sarili ko kapag may nangyaring hindi maganda sa kapatid ko.

Alam na alam ng mga demonyong 'yon kung paano akong titirahin sa kahinaan ko. Paulit-ulit kong minura ang mga Rewis sa isip ko.

Dumeretso kami sa bahay ni Lovemir. Halos mabaliw ako nang madatnan naming abandonado ang bahay. Maging si Lovemir ay wala. Sa sandaling iyon mismo ay gusto kong magwala. Hindi ko alam kung saan ko hahanapin si Maxwell. Sinubukan kong tawagan si Taylor pero hindi niya sinasagot ang tawag. Nababaliw na nga talaga siguro ako dahil nanggigil

ako nang maisip kong pinagtatawanan niya na ako habang binabale-wala ang tawag ko.

"Pupuntahan natin si Wood," sabi ko kay Heurt bago pa man kami makasakay sa motor.

Gulat siyang lumingon sa 'kin. **"Bakit?"**

Bumuntong-hininga ako. **"Posibleng hawak niya si Maxwell,"** nauubusan ng pasensyang sabi ko. **"Tumawag siya sa 'kin kagabi at may ilang nakakalokong sinabi."**

Hindi na sumagot pa si Heurt. Basta na lang siya tumango at sumunod sa 'kin. Magulo pa rin ang isip ko. Nangangapa ako sa posibleng lagay ni Maxwell ngayon. Tumatakbo ang oras at mas tumitindi lang ang pag-aaalala ko.

Desperado na ang mga Rewis, hindi malabong saktan talaga nila si Maxwell. Lalo akong nagalit dahil sa sarili kong naisip. Naging dahilan iyon upang mas bilisan ko pa ang pagmamaneho. Nagsisipagbusinahan ang anumang sasakyang abantehan ko. May ilan pa akong naririnig na minumura ako habang papalayo.

Wala na nga talaga siguro ako sa sarili. Dahil sa isip ko ay nakaplano na ang gagawin ko sa mga taong gumulo sa buhay namin. Ang mga Rewis.

Hindi naging hadlang ang mahabang byahe para marating namin ang kuta ni Wood. Nagmadali akong bumaba at halos daragin ko ang mga bantay sa pinto.

Ang kuta ni Wood ay isang mataas na building. Hindi ganoon kagarbo iyon sa labas, dahil tanging dalawang pinto lang ang entrance niyon. Napakadilim at halo-halo ang amoy ng droga, sigarilyo, alak, pabango, dinamita at kung ano-ano pa. Maraming tao, magkakaibang kasarian, pero pare-parehong halang ang mga kaluluwa.

"Inaasahan ka ba ni Mr. Wood?" tanong ng bantay sa 'kin.

Pinagkunutan ko siya ng noo saka pinag-angatan ng tingin. **"Hindi, pero kailangan ko siyang kausapin."**

Hinarang niya ang kaniyang malaking katawan sa daan. **"Hindi ka rin pwedeng pumasok kung gano'n. Alam mo ang patakaran sa lugar na ito."**

Kilala ako ng karamihan sa tao na naro'n sa kuta. Ang mga hindi nakakakilala sa 'kin ay iyong mga bagong tauhan at bagong babae ni Wood.

Pero sinuman sa mga narito ay hindi basta-basta binabanggit ang pangalan ko, o nang kahit na sino. Lahat ay may alias o code name. Ngunit

ang isang 'to sa harapan ko, medyo bago pero kilala naman ako. Hindi ko tuloy maiwasang magtaka kung bakit nahihirapan akong makapasok ngayon. May milagro.

Palibhasa'y sindikato, may mga pulis na tauhan si Wood na madalas pumunta dito. Kaya rin hindi siya nahihirapang kumuha ng mga armas dahil may mauutusan siya o mapagkukunan. Ngunit sa ilang taon naming magkakilala ni Wood, madalang kong marinig na napapasok siya sa gulo. Kahit tarantado ay gusto niya ng tahimik na paligid. Walang ibang mahalaga sa kaniya kundi ang pera, negosyo at droga. Ang babae ay parte lang ng pang-araw-araw na pangangailangan ng katawan niya. Walang halaga sa kaniya ang mga ito.

"Hindi niya rin naman inaasahang darating ako no'ng nakaraan, bakit nakapasok ako?" naiinis kong tanong.

Umiling ang tauhan na kaharap ko. **"Nagkaroon ng bagong patakaran si Mr. Wood, kailan lang."** Halata namang nagsasabi siya ng totoo, pero hindi iyon tinatanggap ng topak ko ngayon. **"Hindi kami tatanggap ng bisita kung hindi naman ito inaasahan ni boss."**

"Seryoso ka?" pigil ang inis na tanong ko. Tumango ang tauhan kaya iritable akong lumingon kay Heurt. **"Seryoso siya."** Bumuntong-hininga naman si Heurt. **"Wala na bang ibang paraan para makapasok ako? Importante ang ipinunta ko."**

"Kailangang alam ni Mr. Wood ang pagdating ninyo."

"Kung gano'n ay pumasok ka sa loob, sabihin mo sa kaniyang nandito ako. Hihintayin kitang makabalik."

Bumuntong-hininga ang tauhan at muling umiling, inuubos niya ang pasensya ko. **"Hindi ko magagawa iyan. Mabuti pa ay umuwi na kayo, bumalik na lang kayo kapag inaasahan na ni Mr. Wood ang pagdating ninyo."**

Kasabay nang muling paglingon kay Heurt ay ang pagbuntong-hininga ko. Bago pa man ako muling bumaling sa tauhan ay nakabuwelo na ako at sinapak siya sa pagharap ko.

Matapos mawalan ng balanse ay gulat akong nilingon ng tauhan. **"Sira-ulong 'to! Aba'y loko ka, ah!"** singhal niya habang sapo ang panga.

"Hindi ako pupunta dito kung wala akong kailangan. Importante ang oras ko." Tinadyakan ko siya sa dibdib hanggang sa matumba nang tuluyan. Bago pa man siya makatayo ay pinompyang ko na ang ulo niya at paulit-ulit na inihampas sa pader hanggang sa mawalan siya ng malay.

Dinampot ko ang dinamitang nahulog mula sa tauhan. Pinaglaruan ko iyon sa kamay ko bago ibinulsa sa likuran ko.

Agad kaming pumasok ni Heurt sa loob at syempre pa, mas maraming tauhan ang gulat na sumalubong sa 'min. Lahat sila ay may nagtataka at nagtatanong na tingin. Marahil ay alam nilang puwersahan ang pagpasok namin kaya hindi na ako nagtaka nang matapos nilang magtinginan ay sabay-sabay silang sumugod sa 'min.

Hindi ko alam kung dapat ko bang ipagpasalamat ang makipot na daan. Nakatulong kasi iyon para meron akong matalunan at mabandahan para masipa ang sinumang sumusubok na lumapit sa 'kin. Bawat kamaong naiiwasan ko ay basta ko na lang hinihila at dinadagukan sa dibdib ang may ari. Ang mga sumusubok na hampasin ako gamit ang matitigas na bagay at armas ay natutumba na lang matapos kong ipanghampas ang kanilang bitbit.

Pero gusto kong mainis nang makita ko si Heurt na preskong dinaraanan lang ang mga ito habang ako ay hindi magkandarapa sa paglaban. Lahat ng makasalubong niya ay agad na natutumba, masapak man o matadyakan niya. Nakangiwi akong bumuntong-hininga saka sinalubong ang tingin niya. Tyinempuhan ko ang papasugod na tauhan at walang lingunan iyong sinuntok sa tiyan. Suntok na baon na baon at halos mamilipit sa sakit ang tinamaan niyon. Ginawa ko iyon nang nakatingin kay Heurt, nagyayabang.

Tss.

Pinagkunutan ko lang siya ng noo matapos niyang tapunan lang ng tingin ang ginawa ko. Na para bang isa iyong napakadaling bagay, na sa sobrang dali, kahit sanggol ay pwedeng gawin.

Hindi naging gano'n kadali para sa 'min ang pumasok, syempre. Naging madugo at napakahirap niyon. Bago pa man namin marating ang pinto ng opisina ni Wood ay namaga muna sa sakit ang kaliwang kamao ko.

Sunod-sunod akong kumatok, nagmamadali at nangangalabog. Sa isip ko, kapag hindi pa rin bumukas iyon ay sisipain ko na ang pinto.

"Sino iyan!" pasigaw ni singhal ni Mr. Wood matapos magmura nang magmura.

Parang may nagaganap na concert sa loob ng opisina niya dahil sa sobrang lakas ng tugtog mula ro'n. Nakaririndi ang malalanding tinig ng mga babaeng hindi malaman kung anong klaseng harutan ba ang ginagawa at nagtatawanan. Nangangalingasaw ang amoy ng sinunog na dahon at damo, hinaluan ng usok at matapang na pabango.

"Code name, animal!" bulalas ni Wood.

"H.E.R.," sabi ko matapos bumuntong-hininga. Humawak ako sa magkabilang hamba ng pinto at yumuko. Bumibilis ang paghinga ko at kung ano-ano nang tumatakbo sa isip ko.

"Huminahon ka," bulong ni Heurt.

"Kayang-kaya kong sabayan ang gigil niya. Kung magwawala man siya ngayon ay handa akong salubungin siya," halos pabulong ko ring sabi nang hindi siya nililingon.

Huminto ang kanina'y malakas na musika sa loob ng opisina niya. Hindi pa rin bumubukas ang pinto. Ubos na ang pasensya ko. Kaya naman umatras ako at buong lakas iyong sinipa.

Gulat na gulat si Mr. Wood, iyon ang nakakatuwa niyang hitsura. Nanlalaki ang mga mata at mayabang ang pagkakamaang ng labi. May kahabaan ang kaniyang gwapong mukha, maganda ang kulay at tindig, maayos kung kumilos pero may hayop na bisyo, pagkatao at ugali.

Natural na kilos at reaksyon niya ang kikibot-kibot na labi, animong may sinasabi na siya lang ang nakaririnig at nakaiintindi. Ugali niya ring tumalikod at biglang haharap, titingin habang nakaturo sa kung saan saka ka muling babalingan. Normal na kilos ng isang adik.

"Ganiyan ka na ba kung bumati ngayon, Maxpein?" sarkastiko niyang tanong, nanginginig sa galit ang panga. Pinatutunog niya ang kaniyang leeg. **"Ano ang maipaglilingkod ko sa pinakamataas na *rango*?"**

Batid kong galit siya, galit na galit. Dahil kung hindi ay baka sinamba niya na muna si Heurt bago ako bigyan ng pansin. Kung anuman ang meron sa kanila ay hindi ko alam. Pero hindi na ako nagugulat kung magkakilala sila. Pareho sila ng mundo, nakaraan man iyong kay Heurt, wala nang kataka-taka ro'n.

"Nasa'n ang kapatid ko?" seryosong tanong ko.

Napaiwas siya ng tingin nang may nanlalaki pa ring mga mata at nakamaang na bunganga. Namaywang siya at nagpagala-gala sa harap ko, bumubulong nang kung anong salita. Sunod-sunod siyang bumuga ng hangin bago huminto at muling tumingin sa 'kin.

"Tinatarantado mo ba 'ko, Maxpein?" pasinghal niyang tanong. **"Paanong mapupunta sa akin ang kapatid mo? Anong pakinabang ang makukuha ko ro'n!"**

Sinugod ko siya at nagpalitan kami ng hampasan gamit ang kamay. Akma ko na siyang tatadyakan nang padulas siyang umatras at dinuro ako.

"Sinabi nang huwag mong dudumihan ang teritoryo ko! Marumi ka kung kumilos! Mamahalin ang carpet ko!" singhal niya.

"Kinuha siya ng mga Rewis, at alam kong ginawa nila 'yon para makabayad diyan sa gawa-gawa mong utang."

"Hunghang!" dinuro niya uli ako. **"Anong gawa-gawa? Totoo ang utang sa akin ng mga iyon!"**

Ngumisi ako. **"Lokohin mo na ang lahat, 'wag lang ako, Wood. Hindi ako kasintanga ng mga taong ginagawa mo ngayong aso. Tuso ka. Oo, nasira ang negosyo mo dahil sa nangyaring pagsabog pero hindi ang mga Rewis ang may kasalanan. Ginagamit mo lang sila dahil alam mong nalulunod sila sa galit dahil sa pagkawala ng mahal nilang ina. Tuso ka, Wood. Ipinanganak kang tuso, namuhay kang tuso, mamamatay kang tuso."**

"At ikaw naman ang matino?" nagyayabang niyang tanong. **"Ipinaglihi ka ba sa sabon at gano'n kalinis ang tingin mo sa sarili mo, ha, Maxpein?"**

"Sabihin mo na sa 'kin kung nasa'n ang kapatid ko." Pinatunog ko ang mga kamay ko. Ang mga ko ay abala kung saan ko siya dadalhin kapag nag-udyok na ako ng gulo.

"Kung tinanong mo 'ko nang maayos ay baka tinulungan pa kita. Wala sa akin ang kapatid mo, hangal. At ang mga hayop na Rewis ay hinihintay ko ring pumarito para sa ipinangako nilang kabayaran."

Seryosong-seryoso siya at alam kong galit na siya. Humakbang siya papalapit sa 'kin at matagal akong tinitigan. Bahagya pa siyang yumuko para magpantay ang paningin namin pero sa lalamunan niya nakatuon ang mga mata ko. Naaamoy ko ang alak mula sa kaniyang hininga. Nakakasulasok.

Narinig ko siyang humalakhak. **"Nababaliw ka na siguro sa kaiisip, ano?"** sarkastiko niyang tanong. **"Kasi trabaho mo iyan, hindi ba? Ang proteksyunan ang iyong pamilya. Pero...bakit isa-isa yatang napapahamak? Para kang balat na tinubuan ng katawan at magandang mukha. Wala nang nangyari sa buhay mo pulos kundi kamalasan."** Tumawa siya nang malakas. Ang gigil ko ay naipon nang naipon sa aking dibdib. **"Kung ako sa iyo, tumalikod ka na lang sa**

organisasyon." Lalo siyang lumapit at bumulong sa 'kin, **"Bago ka pa nila ipatapon."**

Napapikit ako sa galit at hindi ko na nagawang pigilan ang sarili ko. Itinulak ko siya na agad niyang ikinatumba. Nadampot ko ang malaking silya at wala sa sarili iyong ibinato sa tokador niya ng alak.

"Anak ng tupa..." hindi makapaniwalang bulong ni Wood. Matagal siyang napatitig sa noon ay nagguguhuang mga likido at bubog. Bumilis ang paghinga niya at kasabay niyon ay inihilamos niya ang mga palad sa kaniyang mukha. Pinandilatan niya ako ng mga mata nang matindi.

"*Gaja,*" anyaya ko kay Heurt. Hindi ko na binigyan pa ng pagkakataon si Wood na kuwestiyonin ako.

Narinig ko ang sunod-sunod niyang pagmumura, isinusumpa niya ako kahit pa papalayo na ako. Hindi ko na siya pinansin pa dahil kung may balak siyang gawin sa 'kin ay paniguradong sinugod niya na ako ngayon.

"Papatayin ko si Deib Lohr, gago!" dinig na dinig kong sigaw niya kahit pa may ilang dipa na ang layo ko.

King ina! Pumintig ang aking pandinig. Awtomatiko akong napaharap at naglakad pabalik. Kumunot ang noo ko at napapikit ako sa galit.

"Huwag mo nang balikan," ani Heurt na agad akong hinabol at pinigilan sa braso.

"Si Deib Lohr 'yon. Maski banta, ayaw kong gagawin ng kahit na sino ro'n," pabulong ngunit mariin na sagot ko sabay bunot ng dinamita mula sa likuran ko. Walang lingunan ko iyong itinapon sa kwarto kung saan nakaimbak ang kinababaliwang droga ni Wood.

Syempre, ikinagulat iyon ni Heurt. Pero wala akong planong pakinggan siya dahil alam kong kukuwestiyonin niya lang ang ginawa ko. Kaya naman bago pa siya magsalita ay nagmadali na akong makalabas sa kuta na iyon.

"Kailangan niya muna akong patayin bago niya saktan si Deib Lohr," mariin kong bulong.

Napapikit ako nang sumabog ang dinamita. Sinulyapan ko ang parte ng building na mabilis nagliyab bago ko binuksan ang makina ng motor.

Burn...

"Maxpein!" nangibabaw ang nakabibinging sigaw ni Wood, sinakop ng boses niya ang masalimuot na katahimikan ng gabi.

"Tss." Pinaharurot kong muli ang motor. Nilamon na naman ako nang nakakalunod kong isip. *Nasaan si Maxwell!*

Hindi ko na alam ngayon kung saan kami pupunta. Basta na lang ako nagmaneho at ilang kilometro na lang ay mararating na ulit namin ang mansyon. Nakasunod lang si Heurt sa 'kin at paniguradong litong-lito na siya ngayon kung saan ang punta namin.

Para akong mababaliw. Gusto kong maiyak dahil unti-unting nawawala ang pag-asa ko, samantalang sina Wood at Lovemir pa lang ang napuntahan namin bagaman wala kaming napala.

Natagpuan ko na lang ang aking sarili na muling pumapasok sa village namin. Ilang saglit pa ay nasa mansyon na ulit kami.

"Babe," agad akong sinalubong ni Sensui.

Natigilan ako at napatitig sa kaniya. *Tama nga kaya 'yong sinasabi ni Wood? Isa-isa ko na nga bang naipapahamak ang mga taong malalapit sa 'kin?*

Bumagsak ang mga balikat ko sa panlulumo. Ang karamihan sa kanila ay nasa sala lang at pawang mga naghihintay sa amin. Tumayo sila upang salubungin kami ng mga nagtatanong na tingin. Pero gaya ko ay nanlumo sila nang makitang dadalawa lang kami ni Heurt at wala nang ibang kasama.

Malungkot akong nilapitan ni Sensui. Niyakap niya ako nang mahigpit saka niya tiningnan ang kabuuan ko. **"Babe, okay ka lang?"** tanong niya. Pinunasan niya ang noo ko at inayos ang ilang hibla ng buhok na nakaharang sa aking mukha.

"Wala naman akong ginawa," sabi ko habang kung saan-saan tumitingin.

"Nag-alala ako." Muli siyang yumakap sa 'kin saka ako tiningnan sa mga mata. **"Babe, umalis sila,"** dagdag niya.

"Sino?" kunot-noong tanong ni Heurt.

Napabuntong-hininga si Sensui, animong nahihirapan nang magpaliwanag. **"Tumawag sa 'kin si Eerah Anitha, may plano raw ang mga Rewis kina lolo at Chairman. Pumunta ro'n sina Chairman Mokz...para tulungan sila."**

Napatitig ako sa kaniya. Hindi ko na naman malaman kung ano ang mararamdaman ko. **"Hindi ko pa nga nakikita si Maxwell,"** halos pabulong na sabi ko. Sa dibdib ko pakiramdam ko ay nawawalan ako ng pag-asa, pero ang isip ko ay galit na galit. At walang-awa pang nagagalit.

"Pupuntahan nila sina lolo sa bahay ni Chairman Enrile," dagdag ni Sensui.

"King inang buhay 'to, oh, nananahimik ako..." Hindi ko masabi nang tama ang magulong laman ng isip ko. Kung ano-ano at halo-halo masyado ang tumatakbo sa utak ko. Madugo.

Hindi ako nagsalita. Ipinahinga ko ang utak ko habang ang lahat ng mga mata nila ay tutok sa akin. Mayamaya ay niyaya kong umakyat sa 'taas si Heurt. Walang salita siyang sumunod sa 'kin at pinakisamahan ako.

"Anong balak mo?" tanong niya habang abala kami sa pagkuha ng ilang gamit.

"Kung anong nasa isip ko," sagot ko habang nagbubulsa ng magasin.

"Ano ang laman ng isip mo?" tanong niya naman habang nakapako ang paningin sa trigo.

Bumuntong-hininga ako. **"Marami."**

"'Wag kang papatay ng tao."

Nilingon ko siya, nagsalubong ang tingin namin. **"Hindi ko maipapangako."**

Tumayo siya at lumapit sa 'kin. **"This is not you, Maxpein."**

"Handa akong kalimutan kung sino ako para sa mga taong mahal ko, Heurt. Saktan na 'ko nang kahit na sino, hahayaan ko lang sila at hihintaying tamaan sila ng karma. Pero kapag ang mga taong mahal ko na ang nasaktan, ako ang magiging karma nila. At sisiguraduhin kong wala nang makakakilala pa sa kanila."

Natigilan siya at nanlulumong napatitig sa 'kin. Para bang tigas na tigas na siya sa ulo ko pero hindi niya ako magawang pagsabihan. Masiyadong sarado ang isip ko, hindi 'yon lingid sa kaalaman ko.

Hindi na kami nagtagal pa sa 'taas. Matapos kong tumitig sa kawalan ay niyaya ko na si Heurt. At pagbaba namin ay pareho na kaming nakasuot ng mahabang coat at bigat na bigat sa paglalakad.

"Let's go, Maxpein," nagmamadaling sabi ni Heurt.

"Maxrill," tawag ko dito. Inosente naman siyang nag-angat ng tingin sa 'kin. **"Do you want to play?"** Ipinakita ko sa kaniya ang pana na matagal nang nasa akin ngunit noon niya lang nakita.

Napatitig siya doon. **"No, I'm hungry,"** iritado niyang sabi pero hindi maialis sa pana ang paningin. **"Thanks anyway."**

"I'll buy you something to eat," gustuhin ko mang magtunog nangungumbinsi ay hindi ko nagawa. Masyado akong galit.

Pinandilatan niya ako, syempre, saka nagmamadaling lumapit. **"What kind of game are we going to play, *Noona*?"**

"Hide and seek." Ngumisi ako saka itinaas ang pana.

"It's late, *Noona*."

"Yeah, challenging, isn't it? Let's go." Nginisihan ko si Maxrill bago ko hinarap si Sensui. **"'Wag kayong maghihiwalay, walang aalis sa inyo dito. Yaz,"** baling ko dito. **"Ikaw na muna ang bahala sa kanila."**

"Kailangang pagbalik mo ay kasama mo na si Maxwell, ha?" nandoon ang pag-aalala sa demanding niyang tinig.

Napapabuntong-hininga akong tumango sa kaniya at sa lahat. **"Sige. Tara,"** anyaya ko sa dalawa.

"*Noona*, are we going to eat first or play first?"

"What do you want?"

"Eat first."

Napabuntong-hininga ako. **"Okay."**

"And then play."

"Okay."

"We're going to eat first and then we will play."

"Okay."

"First, we're going to..." Natigilan siya sa pagsatsat nang makitang seryoso ako at sumasama ang tingin sa kaniya. **"Okay, *Noona*. *Saranghe*."**

Tinupad ko ang gusto ni Maxrill. Habang ipinagte-take out ko siya ng pagkain ay tinawagan ko si More. Sinabi kong paparating na kami nina Heurt at Maxrill sa bahay ni Chairman Enrile. Pinaulanan niya naman ako ng sangkatutak na na tanong kung bakit ko isinama si Maxrill, at abiso kapag nakaharap ko na ang mga Rewis. Pero sarado na ang isip ko. Buo na ang aking plano.

"Bakit mo isinama si Maxrill dito?" halos manggigil si Mokz nang kuwestiyonin ako. Kulang na lang ay duruin niya ako. **"Alam mong delikado."**

Nilingon ko si Maze na noon ay nasa tabi niya, kasama ang asawa, at halos maiyak habang nakatingin sa 'kin. Nangunguwestiyon din ang mga mata niya gaya ni daddy. Paniguradong gusto rin nila akong tanungin kung bakit ko isinama si Maxrill.

Sinulyapan ko naman muna si Maxrill na noon ay pilit na ipinapakita kay Randall ang pana. Paniguradong kung ano-anong ikinukwento niya rito tungkol sa kaniyang nalalaman sa paggamit niyon. Wala namang makikitang interes kay Randall, puno siya ng pag-aalala. Kahit anong ngiti

ang gawin niya ay hindi umaabot 'yon sa kaniyang mga mata o kahit sa tainga.

Bumuntong-hininga ako bago hinarap si Mokz. **"Kailangan niya nang matuto. At hindi siya matututo kung hindi siya susubok. Magandang simula 'to."**

"Para saan, Maxpein Zin?"

"Tss. Para saan nga ba?" kunot-noong tanong ko. **"Kailangan ko nang hahalinhin sa 'kin, Mokz."**

"Maxpein," umiling nang umiling si Mokz, nalilito. **"Anong hahalinhin sa iyo?"** nautal pa siya.

Ngumisi ako. **"Alam mong alam ko kung ano ang gagawin mo sa 'kin bago matapos ang araw na 'to."**

"I don't understand what you're trying to say, Maxpein Zin," nag-iwas siya ng tingin.

"Iyon ay kapag naging mali ang kilos ko," seryosong dagdag ko. Hindi siya nakasagot at sa halip ay tiim-bagang siyang napatitig sa 'kin. **"I know that *they're* watching me, Chairman Mokz."** Muli akong ngumisi. **"I don't really give a damn about the laws and punishments anymore. Pakiramdam ko ay kaparusahan ko na ang pagkamatay ng Chairman. And no one can heal the heartache inside me because of his death."**

Bagaman sinikap niyang itago ang gulat ay nabigo siya. Hindi niya nagawang magsalita at sa halip ay napatitig lang sa akin.

Gaya nang napag-usapan, pinauwi na nina More ang mga tauhan naming nagbabantay sa bahay ni Chairman Enrile. Muli naming ipinaliwanag kina Dean at Chairman Enrile ang mga nangyayari, mula umpisa hanggang sa sandaling iyon. Kung paanong lumaki at mas naging magulo ang sitwasyon namin ngayon.

At hindi ko inaasahang magiging madali ang paghihintay namin. Dahil nang sumilip ako sa bintana ay nakita ko na agad ang pag-akyat nina Taylor, Cargosin at Christian sa bakod ng bahay.

Wala talaga silang kadala-dala. Nanginginig ang kalamnan ko. Kating-kati akong mahawakan ang tatlo. Kung ano ang magagawa ko ay hindi ko pa alam.

"Where are you going?" mahinang tanong ni Mokz. Dahilan para matigilan ako sa akmang paglabas ko. **"You will stay here,"** makapangyarihang aniya.

"Maxpein," tawag sa 'kin ni Heurt. Kunot-noo ko siyang nilingon. **"Hayaan mo silang makarating dito at magulat sa presensya natin. Haba-habaan mo pa ang pasensya mo, pakiusap."**

"At wala kang ibang gagawin," nagbabanta ang tinig ni Mokz.

"Hindi ako pumunta dito para lang tumayo, Chairman Mokz," pinakadiinan ko ang itinawag sa kaniya.

"Handa kang ibuwis ang buhay mo para sa pamilyang ito, kahanga-hanga iyon, Maxpein Zin," sumeryoso si Mokz. **"Pero hindi karapat-dapat ang mga taong paglalaanan mo ng buhay mo. Save yourself."**

Kung nakita ko lang sana agad si Maxwell ay baka mapagbigyan pa kita. Hindi ko na siya sinagot. Tumayo ako sa harap ng pinto at inabangan ang tunog na siyang magiging hudyat ng pagkilos ko.

Halos maubos ang pasensya ko sa paghihintay. Pero bago maputol ang pisi ko ay narinig ko na ang pagtatangkang pagbubukas sa siradura. Tinalon ko ang dalawang bakal sa kisame at lumambitin na parang unggoy, tanging alak-alakan ko lang ang nakasampay.

Nang makita ko ang tatlo ay bumilis ang pintig ng puso at paghinga ko. Ang pagdaloy ng dugo ko mula sa tuhod paibaba sa aking ulo ay lalong bumubuhay sa galit ko. Ang mga ugat ko ay parang lubid ng aking pasensya, kaunting paghihintay pa at puputok na.

Sumang-ayon ang lahat sa plano namin. Ang tatlo ay nakipagkapaan sa dilim hanggang sa makakuha ako ng tyempo na siyang naging hudyat ng pagkilos ko.

Sa isang iglap ay naitumba ko ang isa sa tatlo.

"C-Christian," gumaralgal ang tinig ni Taylor, hindi malaman kung nagagalit ba siya o naiiyak.

"*Hermano*..." Halos pumiyok naman si Cargosin.

Narinig kong nagsalita si More, mayamaya lang ay kumilos na si Randall. Nilapitan niya si Christian at pinulsuhan. Tiningnan ko lang ang kamay niya, tiningnan ko lang din siya nang lingunin niya ako. Nandoon ang matinding gulat sa kaniyang mga mata. Hindi ko naman malaman kung anong emosyon ang dapat kong isagot do'n.

"P-Pein," gumaralgal din ang tinig ni Randall, puno ng takot. **"He's dead,"** halos pabulong niyang dagdag.

Kasabay nang pagtayo ni Mokz ay ang paghampas niya sa mesa. Kung ano-ano ang sinabi niya gamit ang sarili naming lenggwahe pero hindi ko na siya inintindi pa. Sa halip ay tiningnan ko si Taylor na noon lumuluhang

nakatingin kay Christian. Hindi malaman kung lalapitan ito o susugod sa akin. Muli kong tiningnan ang katawan ni Christian, nag-iinit pa rin ang dugo ko sa kaniya.

Nang lingunin kong muli si Taylor ay masama na ang tingin niya sa 'kin. Kung nakakapagpatumba lang ang gano'n kasamang tingin ay baka naghihingalo na ako sa kinatatayuan ko.

"Nasa'n ang kapatid ko, Taylor?" malunanay kong tanong, punong-puno ng pagpipigil.

Luhaan siyang ngumisi. **"Mata at hindi bibig ang ginagamit panghanap sa mga nawawala, Maxpein Moon."**

"Nasa'n ang kapatid ko?" mas mariin nang tanong ko. **"Wala kay Wood ang kapatid ko dahil bago ako magpunta dito ay nanggaling na ako ro'n. Nasa'n ang kapatid ko?"** hindi pa kumakalma ang nagwawala kong sistema. **"Nasaan ang kapatid ko!"**

"Hindi mo na siya makikita!" sigaw ni Taylor.

Lalo akong nanggigil, at bigla na lang sumugod. Dinampot ko na parang unan si Taylor at pahampas na isinandal sa pader. Madugo at mahigpit ang titigan namin. Sa isip ko, isang suntok ko lang sa lalamunan nito ay paniguradong agad siyang maghihingalo.

Ang isang salita ni Mokz mula sa aking likuran ang nakapagpatigil sa 'kin. Handang-handa ko nang kumilos pero hindi ako makokontento kung papatayin ko na ang dalawang 'to sa harap ko. Gusto kong makakita ng paghihirap, madugong paghihirap.

"Let them go," pabulong na sabi ni Mokz. **"Let them go!"** sigaw niya nang hindi ako kumilos.

Napapikit ako sa inis. Napasigaw ako nang ibato ko si Taylor. Gano'n na nga yata siya kahina, dahil sa pagod at dahil sa nangyari sa kasamahan niya, agad kasi siyang tumapon. Sunod-sunod ang malalalim na buntong-hiningang pinakawalan ko saka muling bumunot sa bulsa. Ibinato ko ang susi kay Taylor na siya namang ikinagulat niya.

"Papaanong napunta sa iyo ang susi ko?" natutuliro niyang tanong.

"Gano'n kabilis ang kamay ko," walang emosyon kong sagot. **"Simulan mo nang magmaneho."** Tumitig siya nang masama sa 'kin. Naglakad naman ako papalapit sa kaniya. Sa takot ay napagapang siya paatras, papalayo sa 'kin. **"Dahil kahit saang kanto ng impyerno ay hahabulin ko kayo."**

Sinadya kong kunin ang susing iyon, wala na akong planong patakasin sila. Pero dahil naninigaw na si Mokz ay wala na akong magawa kung hindi ang ibigay.

Kumuyom ang mga palad ko habang pinapanood sina Taylor at Christian na magkumahog sa pagtakbo. Pareho pang nag-aalinlangan kung kukunin ang katawan ni Christian pero sa huli ay lumayas din naman. Napako ang paningin ko sa pinto kung saan sila lumabas.

CARGOSIN'S POV

"CHRISTIAN!" hindi ko halos marinig ang sarili kong tinig dahil sa matinding kaba. Ang lalamunan ko ay isinigaw na ang salitang iyon pero sa pandinig ko ay napakahina niyon.

Hindi ko alam kung paano namin nakuhang magmadali para makalabas agad sa bahay ni Chairman Enrile gayong alam naming nandoon pa si Christian. Nanginginig ako sa takot. Hindi ko magawang pakalmahin ang pangangatal ng mga kamay, tuhod, maging ng labi ko. Tuloy-tuloy ang pagluha ko at hindi ko na ikinakahiyang makita iyon ni Taylor.

Parang dinudurog ang puso ko sapagkat hindi mawala sa paningin at isip ko ang nangyari kay Christian. Ang pag-anunsyo ni Randall Echavez sa pagkamay niya ay paulit-ulit na umuugong sa pandinig ko na tila ba isang sirang plaka.

"Halika na!" hinila ako papalayo ni Taylor.

Ngunit pinigilan ko siya gamit ang isa ko pang kamay. Luhaan ko siyang tinitigan. **"Balikan natin si Christian, Taylor. Baka buhay pa siya."**

"Ano!" gulat na gulat siyang tumingin sa 'kin. **"Sa tingin mo ba ay patatakasin pa tayo ng mga Moon kung babalik tayo sa loob? Mag-isip ka nga, Cargosin! Patay na si Christian!"**

Gusto ko siyang sigawan pero hindi ko ginawa. Lalo akong nanghina. **"Inisip ko ring patay ka na,"** umiling ako nang umiling. **"Pero si Christian, nanindigan siyang buhay ka. At hindi siya huminto sa kahahanap hangga't hindi ka namin nakikita."**

Matapos ko siyang tapunan ng diskumpyadong tingin ay nilayasan ko siya. Nanguna ako sa paglalakad papunta sa iniwan naming sasakyan. Panay ang pagtulo ng luha ko, walang hinto. Ang puso ko ay walang hinto sa pagkabo, para bang gustong durugin ang dibdib ko.

"Where are they?" agad na tanong ni Lovemir nang makasakay ako sa sasakyan. Hindi ko siya sinagot. **"Aren't we going to take him to the hospital? He's losing his consciousness, Cargosin."**

Nilingon ko si Maxwell na noon ay parang natutulog lang sa likuran. Kung hindi pa titingnan ang kamay niyang nakaharang sa duguan niyang sugat, hindi siya mapagkakamalang mamamatay.

Gusto kong magalit, gusto kong dakmain ang kuwelyo niya at pagsusuntukin siya. Gusto kong dukutin ang sugat niya at kunin gamit ang mga daliri ko ang balang nakabaon doon ngayon. Pero masyado akong nanghihina. Basta na lang akong naiyak habang nakatitig sa kaniya at lalo pang umiyak nang nakayuko sa manibela.

Christian...

Kasabay nang pag-agos ng mga luha ko ay ang masasayang alaala ko kasama siya. Isa siya sa maraming tumayo kong kuya, bagaman hindi naman nalalayo ang edad ko sa kaniya. Walang mas loloko pa sa kaniya pero pagdating sa akin, sa aming magkakapatid, ginawa niya ang trabaho niya nang buong puso. Hindi ko naramdamang nag-iisa ako dahil naro'n siya. Saan man ako pumunta, saan man ako magsuot, mabuti man o masama, hindi niya ako iniwan. Hindi ko naramdamang mag-isa ako kailanman, dahil kasama ko si Christian.

Mula nang ampunin ako ng mga Merra, hanggang sa mahalin ko si Aitana... Mula sa pagiging basura hanggang sa maging matagumpay ako sa buhay, nandoon ka. Naroon ka nang nakatingin ako sa liwanag, sinamahan mo 'ko hanggang sa magdilim... hindi ko inaasahang hahantong sa ganito ang lahat, Christian. Patawad. Lo siento y gracias, Christian. Gracias...

"*Mierda*!" nangibabaw ang tinig ni Taylor, kasabay niyon ang kalabog nang pagsasara niya ng pinto ng kotse. **"Tara na, Cargosin! Paparating na ang mga Moon!"** Hindi ko siya nagawang sundin agad.

Pinahinahon ko na muna ang aking sarili. Pinahiran ko ang aking mga luha. Gulat na napatitig sa akin si Taylor at umiiling na nag-iwas ng tingin. Nagpatuloy pa rin sa pag-agos ang mga luha ko pero sa dibdib ko ay namumuo na uli ang galit.

Nagagalit ako maging sa sarili ko. **"Kung sinunod ko lang sana ang sinabi niyang umalis na tayo..."** Sinuntok ko nang sinuntok ang manibela. Hindi mawala sa isip ko ang mga nangyari kanina, nagpapaulit-ulit iyon sa akin na parang isang pelikula.

"What are you saying?" tulirong tanong ni Lovemir. **"Where is Christian?"**

Naramdaman ko nang lingunin ako ni Taylor, hindi ko siya magawang tingnan. Tutok ang paningin ko sa aking mga kamay na hanggang ngayon ay nangangatal. Takot na takot ako sa hindi maipaliwanag na dahilan.

Hindi ko inaasahan iyon, Maxpein Zin. Wala kang kasinlupit!

Napapikit ako. Pakiramdam ko ay narinig kong muli ang tunog ng buto ni Christian nang baliin ni Maxpein Moon ang leeg niya. Hindi man lang nagawang lumaban ni Christian, pinangunahan siya ng pagod at panghihina. Hindi niya man lang nagawang humingi o sumigaw ng tulong. At hindi ko man lang siya nagawang tulungan o iligtas.

"*Hermano*! Where is Christian?" nag-aalala na ang tinig ni Lovemir.

"Pinatay siya," mahinang sagot ni Taylor, mariin at may galit. **"Pinatay siya ni Maxpein Moon."**

Matagal na natahimik si Lovemir. Sa likod ng isip ko ay nasisiguro kong nagulat siya kaya hindi niya nagawang makapagsalita. Narinig ko siyang sumubok umusal ng salita pero hindi iyon nagtuloy at halos hindi naintindihan dahil sa sobrang hina. Paniguradong hindi niya iyon magawang paniwalaan, gaya kong nasaksihan iyon nang harap-harapan pero hindi ko kayang tanggapin at paniwalaan.

"No," mahinang ani Lovemir. **"Hindi niya magagawa iyan. Nasa'n si Christian."**

"*Mierda*! *Él está muerto!*" pasigaw na sagot ni Taylor na sinasabing patay na nga ito.

"Patay na siya, Lovemir," nanlulumo kong sagot, sumisinghot at patuloy na lumuluha.

Kanina lang ay masaya pa kaming magkasama...

"What?" utal na tanong ni Lovemir. Umiling siya nang umiling, hindi pa rin makapaniwala.

"Pinatay siya ni Maxpein Moon, Lovemir! Wala na siya!" bulalas ni Taylor, nauubusan ng pasensya. **"Tara na, Cargosin! Kapag inabutan tayo dito ay pare-pareho tayong malilintikan!"**

Galit ko siyang nilingon. Hindi ko maintindihan kung bakit hindi man lang niya maramdaman ang nararamdaman ko. *Ganito ba kadali para sa kaniyang sakyan ang nangyari kay Christian?* **"Magkamatayan na kung gano'n,"** sagot ko.

Gulat akong nilingon ni Taylor. **"*Qué?*"** animong hindi makapaniwalang tanong niya. **"Huwag ka nang magsalita nang ganiyan sapagkat nawala**

na si Christian! Bumaba ka at ako ang magmamaneho!" singhal niya saka bumaba at gumilid papunta sa gawi ko.

Sinamaan ko siya ng tingin saka ako bumaba at nakipagpalit sa kaniya ng puwesto. Mabilis niyang pinaandar papalayo sa lugar na iyon ang sasakyan. Ngunit ang isip ko ay nanatili roon. Hindi ko alam kung paano kong maiaalis sa isip ko ang nangyari.

Tahimik kaming lahat habang nasa daan. Batid kong pare-pareho kaming malalim ang iniisip. Hindi ko maiwasang maalala ang lahat ng mga sinabi ni Eerah Anitha. At kasunod niyon ay ang inaantig kong konsensya. Hindi ko malaman kung bakit pakiramdam ko ay mas masakit pa ito kaysa sa pagkawala ng aking ina. Marahil ay dahil hindi gaya ng sa doña, nagawa kong mamuhay nang normal at bilang isang tao nang si Christian ang kasama. Sa doña kasi ay wala akong inatupag kundi ang higitan ang kaniyang gusto, para maipakita ko sa kanila ng don na karapat-dapat ako bilang isang ampon. Nagtagumpay naman ako dahil naramdaman kong hindi sila nagsisi ro'n.

Sana ay nakinig na lang ako sa iyo, Aitana. Punong-puno ako ng pagsisisi ngayon.

Dinukot ko mula sa aking bulsa ang pera na aking nakuha at ipinangakong paghahati-hatian naming lahat. Nangunot ang noo ko sa pag-iyak habang inaalala kung gaanong nagmukhang katuwa-tuwa si Christian kanina habang nilalanghap ang amoy ng pera.

Nasanay akong nakikita siyang matigas, galit at masungit. Nasanay akong kumikilos siya bilang nakatatanda sa akin. Pero iyong Christian na nakasama ko kanina ay kakaiba. Kabaliktaran sa nakasanayan ko sa kaniya. Parang bata, duwag, ngumingiti, tumatawa at may konsensya.

"*Puñeta,* Cargosin, tigilan mo ang pag-iyak!" singhal ni Taylor.

Gusto ko siyang patulan pero pakiramdam ko ay pagod na pagod ako. Langong-lango sa kalungkutan ang aking isip. At wala akong ibang gustong gawin kundi ang manahimik, lihim na magsisi at alalahanin ang nakaraan.

"SINO IYAN!" garalgal ang tinig ni Eerah Anitha nang kumatok kami. Sadyang natatakot siya sa t'wing may kakalabog at yabag siyang maririnig mula rito sa labas ng kwarto na aming tinutuluyan. Lalo pa siyang natatakot kapag may kumakatok na.

"Kami ito," matamlay na sagot ko.

Agad niya kaming pinagbuksan ng pinto. At gano'n kabilis din siyang nagulat nang makitang imbes na si Christian ay si Maxwell ang aming

kasama. Nakaakbay si Maxwell kay Lovemir, wala nang malay. Si Lovemir naman ay bigat na bigat, nahihirapan dahil isa pang mahina, pero kinayang ipasok ang Moon sa loob ng bahay.

"Nasaan si Christian?" agad na tanong ni daddy na nakapagpahinto sa 'kin sa paghuhubad ng suot kong jacket.

'Ayun na naman iyong pakiramdam ko na para akong maluluha. Hindi ito natural sa akin. Ni hindi man lang nagtuloy-tuloy nang ganito ang mga luha ko nang ang doña ang mamatay. Palibhasa'y imbes na malungkot ay napuno ako ng galit nang mga panahong iyon. Ngayon ay hindi ko makuhang magalit nang basta-basta. Natatabunan iyon ng lungkot at sakit sa pagkawala ng isang kapatid.

"Yeah, where is he? Bakit kayo lang? At bakit...kasama ninyo iyan?" halos ibulong na lang ni Eerah Anitha ang huling tanong. **"His family is looking for him, Sin."**

"Gusto ko muna ng katahimikan," mahinang pakiusap ko.

Nalilito akong nilapitan ng aking ama. Hindi ko siya magawang tingnan. Sapilitan niya pa akong iniharap sa kaniya para magtama ang aming paningin. Nabasa ko agad ang galit, ang nagtatanong niyang mga mata ay napuno agad ng galit.

"Nasaan si Christian, Cargosin?" mariin niyang tanong.

Hindi ako nakapagsalita. Lumabas si Mark mula sa kwarto kasunod ang mga tauhan. Lahat sila ay nagtatanong ang tingin sa akin, pare-parehong hinahanap kung saan naroon si Christian. Ngayon lang nangyaring umalis kami at bumalik nang hindi siya kasama.

Sa halip ay si Taylor ang nagsabi nang buong kuwento sa kanila. Hindi ko napigilang maging emosyonal sa harap nila habang pinakikinggan ang nangyari. Para bang wala ako ro'n. Nasasaktan ako at wala akong pakialam kung sino ang makakita niyon ngayon.

Nilingon ko si Lovemir na noon ay malungkot pero kakikitaan ng galit. Hindi ko mapangalanan ang emosyong nakikita ko sa kaniya. Pero hindi na ako magtataka kung sasabihin niyang galit siya. Batid kong gaya ko, higit sa akin, totoong naging kuya ang tingin niya kay Christian. Ito pa nga ang pumipigil sa akin noon sa t'wing sasaktan ko siya. At kompara kay Taylor, mas madalas niya ring makasama si Christian noon.

"Bakit ninyo hinayaang magkaganoon?" umiiyak nang tanong ni Eerah. Agad namang ipinaliwanag ni Taylor ang mga naging kilos ni Maxpein.

Napatitig ako sa aking ama. Nakikita kong nalulungkot siya pero malayong-malayo iyon sa lungkot na aking nakita nang mawala ang doña. At hindi ko maiwasang makaramdam ng pagkadismaya, ganito lang talaga ang halaga ng mga tauhan sa kaniya.

Kung ako kaya ang mawawala, ano ang mararamdaman niya? Malulungkot ba siyang gaya sa mawala ang doña? Magluluksa ba siya nang gaya sa pagkamatay ni mommy at ng anak nila? Bakit, dad? Bakit hanggang dito lang kami?

Natigilan ako nang malingunan ko si Eerah Anitha at makitang nakatingin na siya sa akin. Lalo akong inantig ng aking konsensya. Sa paraan kasi nang pagkakatitig niya para bang kinakausap niya ako gamit ang mga mata. Kinukuwestyon kung bakit ko ginawa iyon. At sinasabing hindi mangyayari ito kung nakinig ako sa kaniya. Wala akong naisagot kundi panlulumo.

Hindi ko na maintindihan ang magulo kong isip. Punong-puno masyado ang utak ko. Huminto sa pangangatal ang katawan ko pero ang takot ay naro'n pa rin sa dibdib ko.

Natatakot ako sa Maxpein Moon na nakita at nakaengkwentro ko kanina. *Iyon 'yong Maxpein Moon na sinasabi nila. Iyong Maxpein Moon na ginagawa ang lahat ng sinabi niya. Hindi ko alam kung may karapatan pa ba akong sabihin ito pero...wala kang awa, Maxpein Moon. Wala kang awa.*

"Knock! Knock! Knock!" Sabay-sabay kaming nagulat at napatingin sa pinto nang mangibabaw ang pamilyar at malakas na tinig na iyon!

Nanlalaki ang mga mata kong nilingon si daddy saka kami muling napalingon sa pinto. *Si Mr. Wood!* Agad na kumilos si Lovemir para iharang ang sarili kay Eerah Anitha. Sabay-sabay na nagsipagbunutan ng baril sina Mark, Taylor at mga tauhan saka ginuwardiyahan ang pinto.

Ngunit laking gulat namin nang sipain iyon ni Wood! Tumambad ang seryosong Mr. Wood sa amin. Nasa baywang ang kaniyang parehong kamay. Nakataas ang noo at kakaiba ang dating sa suot na suit. May nakapatong na itim na hat sa kaniyang ulo at nakakaloko ang puti na feather na nasa gilid niyon. Ang pipa niya ay makapal ang usok at nang unti-unting mawala ay ipinakita ang kahindik-hindik niyang mukha.

"'T*ngina!" sarkastiko niyang bati saka tumuloy. Matunong ang black leather niyang sapatos, lumalagatok sa sahig na gawa sa manipis na kahoy.

Kasunod niya ay ang limang tauhan, pawang mga nakaitim na suit at naghahabaan ang mga armas. Nasisiguro kong sa labas ng pinto ay

mayroon pa siyang mga kasama. Kaya imposibleng makatakas kami rito ngayon.

Napalunok ako nang magtama ang paningin namin. **"Mr. Wood,"** sinikap kong huwag ipakita ang takot ngunit nabigo ako.

Sinulyapan niya lang ako saka nilingon ang aking ama. **"Rewis!"** pagbati niya saka lumapit dito.

Hinawakan niya sa leeg ang aking ama, galit na nginisihan na para bang kaytagal nilang hindi nagkita. Pareho kaming nagulat ng aking ama nang biglang bumeso si Mr. Wood sa kaniya, bagay na noon niya lang ginawa. Hindi niya maitatago ang nginig sa kaniyang kamay, nginig na dulot nang sobrang panggigigil. Matapos niyon ay nakangisi niya muling tinitigan ang aking ama na halos mapapikit sa ibinubugang usok ng kaniyang pipa. At gusto ko siyang pigilan nang tampal-tampalin niya ang pisngi ni daddy na para bang tuwang-tuwa.

Matapos bitiwan ni Mr. Wood ang Chairman ay humarap siya sa amin at tiningnan kaming isa-isa. **"Hmm, mukhang may kulang sa inyo?"** aniya na pinasadahan na naman kami ng tingin. **"Mukhang kulang kayo sa bitamina. Wala na bang makain?"** Nakasanayan ko na ang pagiging sarkastiko niya pero kapani-panibago ang pagiging seryoso niya ngayon. Kumuyom naman ang palad ko.

Aaminin kong si Christian ang naisip kong tinutukoy niyang kulang sa amin. Nainsulto ako sa katotohanang hindi pala.

Pinagkiskis niya ang palad saka inalis ang pipa sa kaniyang bibig. Mayabang niya iyong iniabot sa kaniyang tauhan saka lumapit kay Maxwell. Nakangiwi at kunot-noo niyang pinasadahan ng tingin ang panganay na Moon saka umiling nang makita ang duguang parte ng katawan at kamay nito. Maging ang damit ni Maxwell ay pulos dugo na. Bukod doon ay nakahandusay na lang siya dahil wala ng malay.

Humarap muli sa amin si Mr. Wood saka kami nakangiwing dinuro isa-isa. **"Mas malala pa diyan ang magiging hitsura ninyo kapag nalaman ni Maxpein ang lagay niyan."**

Bumilis ang paghinga ko dahil sa sinabi niya. Hindi ko alam kung bakit. Sumama ang tingin ko pero sa t'wing titingin siya sa akin ay umiiwas ako. Naduduwag na akong talaga. Hindi ko na malaman kung ano ang dapat na gawin. Pakiramdam ko ay huli na ang lahat para sumuko kami. Bukod doon ay hindi ako sigurado kung bukod sa amin ni Eerah Anitha ay may iba pa bang gustong sumuko.

Luminga-linga ulit si Mr. Wood hanggang sa mapunta kay Eerah Anitha ang kaniyang mga mata. Kumuyom agad ang palad ko at humakbang ako papalapit sa aking asawa.

"Mukhang namamayat ka? Nagkukulang ka yata sa bitamina, Eerah Anitha?" ngumisi muli si Mr. Wood. **"Kumain kang mabuti, magandang tingnan sa babae iyong malusog. Iyong maganda ang hinaharap at kinabukasan. Mukha kang tuyot. Nagsasayang ka ng damit."** Sinubukan niyang mas lumapit kay Eerah pero inunahan ko siya. Umasta siyang nagulat sa ginawa ko. **"Hindi ko na type itong pamangkin mo kaya huwag kang mag-alala."**

"Fuck you, Wood," singhal ko. **"She's my wife."**

Namangha siya. Nilingon si Eerah bago muling sinalubong ang tingin ko. **"Talaga? Bagay kayo, congrats,"** sarkastiko niyang sabi. **"Dalhin ninyo na ang mga iyan!"** biglang utos niya na ikinagulat namin.

"Saan! Saan ninyo kami dadalhin!" sigaw ko na agad binakuran sina Eerah Anitha at ang aking ama.

"Sumama na lang kayo kung ayaw ninyong mag-aksaya ng dugo dito," bigla na naman siyang sumeryoso. **"Mukhang wala kayong planong magbayad ng utang kaya tulungan na lang ninyo akong maningil."**

Poprotesta pa sana ako ngunit gaya ng inaasahan ay pumasok ang mas marami pang tauhan niya at pinagdadampot kaming isa-isa. Pinaghahawakan kami sa kamay at pinagtutulak papalabas ng bahay.

"Ingatan ninyo ang Moon na 'yan," pasigaw na sabi ni Mr. Wood sa dalawang tauhan na nahihirapang akayin si Maxwell. **"Malaking halaga ang kapalit niyan."**

Sinamaan ko siya ng tingin bagaman wala sa akin ang mga mata niya. Nasisiguro kong may pinaplano na siya at kung ano man iyon ay hindi niya sasabihin sa amin.

Puwersahan kaming isinakay sa tatlong itim na van. Nagwala ako nang magkahiwalay kami ni Eerah Anitha. Pero wala akong nagawa dahil sobrang dami nila. Maging ang aking ama ay sumubok na tumakas, nakipagbuno siya sa lima sa mga tauhan at sa huli ay wala rin siyang nagawa. Malalaki ang katawan ng mga bata ni Wood, hindi hamak na mas matatangkad kaysa sa amin at malalakas. Bukod doon ay mayroon pa silang kani-kanilang armas.

"Saan mo ba kami dadalhin!" bulalas ko.

"Manahimik ka na lang at sirang-sira ang buong araw ko!" sigaw niya na dinuro pa ako. **"Ang hayop na Maxpein na iyon, pinag-trip-an ang play ground ko? Gago, ang tupa!"** Gigil na gigil siya, nanginginig sa gigil.

Hindi ko alam kung ano ang tinutukoy niya pero nasisiguro kong may nangyari sa kanilang dalawa kaya ganito na lang ang galit niya.

Pinanood ko siyang pumindot sa telepono, **"Hello, Maxpein,"** mayamaya pa ay nakangisi niyang sinabi. **"I've got a surprise for you."**

Nagkatinginan kami ni Taylor. Paniguradong si Maxwell ang tinutukoy ni Mr. Wood na sorpresa. At panigurado ring magliliyab sa galit si Maxpein Moon dahil doon.

Humalakhak si Mr. Wood, halakhak na nakapangingilabot sa pandinig. Kung ano man ang isinagot sa kaniya ni Maxpein Moon ay hindi ko alam. Pero ang pagkuyom ng palad niya at paghigpit nang kaniyang pagkakahawak sa telepono ay senyales na nainsulto siya, bagaman nakuha niya pang tumawa.

"Magkita tayo sa bahay ko. Huwag kang male-late, tumatakbo ang oras. Nauubos ang dugo." Agad na ibinaba ni Mr. Wood ang linya matapos sabihin iyon. At halos magulat kaming lahat nang ibato niya sa unahan ang telepono. **"Animal!"**

Nanahimik na lang ako sa pagkakaupo. Panay ang lingon ko kay Maxwell na noon ay aalog-alog lang sa likod at nagsisimula nang mamutla. Katabi niya si Lovemir na tahimik lang din pero nasa mata ang galit. Si Taylor naman ay kuyom na kuyom ang mga palad, lilinga-linga sa labas at animong naghahanap ng tyempo para makatakas.

Hindi ko alam kung paano kong natatagalan ang napakatahimik na byahe. Parang ang lahat ay may kani-kaniyang pinagkakaabalahang isipin. Kung ano-ano ring pumapasok sa isip ko pero sa dibdib ko ay wala na akong makapang pag-asa. Nakakampante lang ako dahil panay ang paglingon ko sa sasakyan kung saan naroon sina Eerah Anitha at iba pa. Pero ang kalooban ko ay nagwawala na sa magkahalong galit, takot at kaba.

Sa pag-iisip ay natigilan ako at muling kinabahan. *Tatapusin na ba niya kami?*

Hindi ko nagustuhan ang naisip ko pero nasisiguro ko ring hindi malabong gawin niya nga iyon. Lalo pa at alam kong ang tinutumbok ng daan na ito ay ang lungga ni Mr. Wood. Kung saan wala masiyadong tao, at lugar na bibihira ang nakakaalam.

Ano ang nangyari dito? Hindi ko naiwasang magtaka nang muli ay makatapak ako sa gusaling pinaglulunggaan ni Mr. Wood. May malaking butas sa gilid ang gusali at nagkalat ang malalaking bato. Nasira ang ilan sa mga gamit at may makapal na usok na para bang kamamay lang ng apoy nito. Tila may bombang sumabog dito.

Nang makapasok kami ay gusto kong isipin na may naganap na raid dahil sa sobrang gulo ng buong lugar. Malayo sa maayos at puno ng disensyong teritoryo ni Mr. Wood noon. Napakadilim at tanging sa mga pumuputok-putok na bumbilya nagmumula ang kakakarampot na liwanag. Muli pa akong nagulat nang sa tuluyang pagpasok ay nakasalubong namin ang mga lupaypay na tauhan. Tila dumaan sa matinding bugbugan dahil panay sugatan at may bahid ng dugo sa katawan.

Hindi magawang bilisan ni Mr. Wood ang paglalakad. Dahil gaya namin ay tila ba ikinagulat niya rin ang nakikita. Hindi mapangalanan ang matinding galit at gulat na naghalo sa kaniyang mukha. Dahan-dahan siyang naglalakad at dinadapuan ng tingin ang bawat makita.

Doon ako nagkaroon ng pagkakataong lapitan ang mga kasama ko. Tulad ko ay puno na rin sila ng takot at wala ng pag-asa. Ngunit kahit gustuhin kong palakasin ang loob nila ay hindi ko magawang magsalita. Wala akong mahitang akmang salita na pwede kong sabihin sa kanila ngayon.

"Ano ang nangyari dito, Hemyor?" mariing tanong ni Mr. Wood sa lalaking noon ay nakahiga at nakasandal sa pintuan. Ang kamay nito ay puno ng dugo at hawak ang tagiliran nitong may tama. **"Hemyor?"** pagtawag ni Mr. Wood.

Pero ang lalaki ay tumirik ang mga mata para lamang matingnan siya. Nanginginig sa paggalaw ang mga labi pero walang maiusal. Nanginig lalo sa galit si Mr. Wood at nag-angat ng tingin papunta sa gawi kung nasaan ang kaniyang opisina.

Sumenyas siya sa mga tauhan saka binunot mula sa kaniyang likuran ang may mataas na kalibreng baril. Pinangunahan siya ng ilan sa mga tauhan sa paglalakad papunta sa opisina. Agad naman kaming napasunod ni Taylor, at inutusan si Lovemir na bantayan ang aming ama.

Bumilang ng tatlo si Mr. Wood saka sumenyas sa kaniyang tauhan na buksan ang pinto. Gusto kong isumpa ang matinding kalabog sa dibdib ko nang tumambad sa 'min ang kadiliman. Pakiramdam ko ay na-trauma na ako sa dilim. Mabilis na nanumbalik sa isip ko ang nangyari kay Christian

kanina lang. Malinaw pa ang lahat ng detalye at pangyayari sa isip ko at hindi ko makalimutan.

Tumuloy ang apat sa tauhan, pawang mga nakatutok ang baril sa kawalan. Pumasok si Mr. Wood, hudyat nang pagsunod namin. Matapos subukan ng tauhan na buksan ang ilaw ay hindi iyon sumindi. Pare-pareho kaming nangapa sa dilim at talaga namang nagtitindigan ang mga balahibo ko sa nangyayari.

"Punyeta!" bulalas ni Mr. Wood. Nang sundan ko ng tingin ang kinaroroonan niya ay nanlumo ako sa mga nagkalat na gamit. Karamihan ay basag na at wasak. Napakagulo ng lugar, animong hinalughog ng isang pakawala. Walang itinirang gamit na matino, lahat ay sira.

Sabay-sabay kaming napabulalas nang biglang sumara ang pinto! Sinubukang buksan iyon ni Taylor pero napaatras siya matapos mabigo. Sunod-sunod ang pagbulong niya ng pagmumura habang ako naman ay agad na nilamon ng kaba. Hindi ko alam kung tama ba ang gawi ng pintong tinitingnan ko, basta na lang napako sa isang sulok ang paningin ko.

Umihip ang malakas na hangin at sabay-sabay kaming napalingon sa bintana. Nanlaki ang mga mata namin nang isang itim na imahe ang tumambad sa aming nakatayo roon! Isang imahe na hindi ko naman lubos na nakikita ngunit nasisiguro kong nakamasid sa amin! Imahe na hindi ko matukoy ang pagkatao pero sa isip ko ay may pagkakakilanlan ito.

Nakasuot nang mahabang coat ang imahe na iyon na siyang nililipad ng hangin kasabay ng buhok nito. Sa t'wing liliparin ang kurtina ay nahaharangan imahe niya, at talagang nagdudulot iyon nang nakakukuryenteng kilabot at kaba.

"Maxpein!" gigil na sigaw ni Mr. Wood. Agad siyang binakuran ng mga tauhan niya at ang mga baril ay nakatutok sa bintana.

Bumilis ang pagtibok ng puso ko, sunod-sunod ang aking paglunok. Napaatras ako bagaman wala pang nangyayari. At ang mga kamay ko ay nangangapa sa anumang bagay na pwede kong magamit. Ngayon lang ako natakot nang ganito sa buong buhay ko. At hindi kapani-paniwalang ang taong minaliit ko ang siyang dahilan nito ngayon.

Muling umihip ang malamig at mas malakas na hangin! At kagulat-gulat na kasabay niyon ay ang pagharang ng kurtina sa bintana na mukhang sinadya! Nagdulot iyon nang mas matinding dilim, kami mismo ay hindi magkakita-kita. Hindi ko malaman kung bakit napayuko ako bigla, animong may mahuhulog sa akin mula sa itaas.

"Huwag kang duwag! Magpakita ka sa akin, Maxpein! Huwag kang magtago sa dilim!" sigaw ni Mr. Wood. Sa uri ng pagkakasabi niya niyon ay nasisiguro kong naro'n din sa kaniya ang takot. At mukhang umiikot siya, nagpapalinga-linga habang sinasabi iyon.

Sabay-sabay kaming napabulalas ng kung anong salita nang biglang sumigaw ang isa sa amin, kung sino ay hindi ko alam! Narinig na lang namin ang sunod-sunod na suntok o dagok kasabay nang pagsigaw ng taong iyon!

Napaatras ako at nagpatuloy sa paglingon. Ang liwanag na aking nakikita ay iyong tinatamaan lamang ng buwan mula sa salamin ngunit hindi nagdudulot ng liwanag. Biglang nangibabaw ang katahimikan, at sa sobrang tahimik ay naririnig ko ang paghinga ng bawat isa. Hindi ko alam kung gaano ang layo ko sa iba pa, wala talaga akong makita.

Napalingon ako sa kaliwa ko nang may marinig akong tila tumakbo mula ro'n. At halos matumba ako patalikod nang may marinig akong sumigaw at kasunod niyon ay sunod-sunod na namang dagok at suntok! Kinilabutan na ako sa sumunod kong narinig, nasisiguro kong nasaksak ang kung sinumang kinuha na iyon.

"Maxpein! Huwag mong ubusin ang pasensya ko!" sigaw muli ni Mr. Wood.

At laking gulat namin nang may bumukas na ilaw. Ngunit hindi sapat ang liwanag niyon para makita ang buong lugar. Nangingibabaw sa pandinig namin ang mabagal ngunit mabigat na yabag, kung saang parte ng dilim iyon nagmumula ay walang nakakaalam.

Napaatras akong muli, hinanap ng paningin ko si Taylor. Nagkatinginan kami at nabasa ko agad sa kaniya ang takot. Napalingon ako sa pinto at isinenyas iyon sa kaniya. Kailangan naming makalabas dahil naro'n pa ang iba naming kasama. Pero pareho kaming natigilan sa pagkilos nang muling sumigaw ang isa sa mga tauhan.

Napalingon ako at namataan ko si Mr. Wood. Deretso lang siyang nakatingin sa kung saan. Nakatiim ang kaniyang bagang sa galit at kuyom ang mga palad. Maging ang paghinga niya nang malalim ay napagmasdan ko. Hindi kapani-paniwalang hindi man lang siya kakitaan maski bakas ng takot.

"Hindi mo kayang pumatay, Maxpein," biglang sabi ni Mr. Wood. Sinubukan niyang ngumisi pero nangibabaw ang galit sa anumang reaksyon na ilabas niya. **"Hindi ka maaaring pumatay."**

Nagkakamali ka... Hindi ko nagawang isatinig ang laman ng isip ko. Pinangunahan ako ng emosyon at galit. *Nagawa niya na iyon kay Christian. Pinatay niya si Christian!*

"Isang tao na lang ang meron ka," nangibabaw ang tinig ni Maxpein Moon. Nag-angat ako ng tingin sa pinanggalingan ng tinig bagaman wala akong maaninag. **"Bago ka pa tumawag ay inubos ko na ang iba."**

Nagulat na naman kami nang sa isang iglap ay may sumigaw mula sa gawi ni Mr. Wood. At muli pa akong nagulat nang may tumakbo papalapit sa 'kin, agad akong napaatras! At mas nagulat pa sa sunod-sunod na pag-ulan ng bala mula sa baril na hawak ni Mr. Wood. Tumakbo siya papalapit sa pinto at pinagbabaril din iyon hanggang sa bumukas.

Hinila ako ni Taylor papasunod kay Mr. Wood. Agad na hinanap ng paningin namin sina daddy at Eerah, maging si Lovemir o si Maxwell ay hindi namin makita!

"Eerah!" pagtawag ko.

"Nasaan sila!" gilalas naman ni Taylor.

Sabay kaming nagpalinga-linga kung saan namin iniwan ang mga ito. Natanawan ko pa si Mr. Wood na noon ay tumakbo sa isang kwarto. Basta ko na lang tinapik si Taylor at sabay kaming tumakbo papasunod sa kaniya.

"Ang hayop na iyon!" dinig kong sabi ni Mr. Wood habang tumatakbo paakyat sa hagdan. **"Nasisiguro kong hindi mo magagawang pumatay, Maxpein. Kaya wala akong mararamdamang takot sa iyo!"** Wala na siya sa sarili.

Tumakbo siya nang tumakbo paakyat at sumunod naman kami nang sumunod. Hanggang sa makarating kami sa hindi ko na malaman kung pang-ilang palapag. Pumasok siya sa isang kwarto sa dulo, hinayaan niya lang kaming sumunod. Gano'n na lang ang gulat namin nang tumambad sa amin ang iba't ibang uri ng armas. Mula sa patalim, baril hanggang sa bomba. Kompleto at napakarami!

"Inubos niya ang bata ko?" patanong na sabi ni Mr. Wood na lumingon pa sa gawi ni Taylor. Bigla niyang ibinato ang baril na agad naman nitong nasalo. **"Pero hindi lang iyon ang bata ko,"** ngumisi siya. **"Wala pa ro'n ang bilang ng bata ko, Maxpein. Idagdag mo pa ang mga kaibigan ko na kaibigan mo rin."** Nababaliw na siya.

Naupo siya at may kinuha sa isang maliit na cabinet na nasa pinakailalim. Pagtayo niya ay may hawak na siyang attache case. Ipinatong niya iyon sa

mesa at saka binuksan. Nanlaki ang mga mata namin sa balot-balot na drogang naro'n. Bukod doon ay may baril, pera at mamahaling alak pa.

Maingat na binuksan ni Mr. Wood ang isang balot at saka sininghot iyon. Iyon ang Mr. Wood na noon ko lang nakita. Iyong nababaliw at hayok na hayok sa droga. Nagpaikot-ikot siya sa kinatatayuan habang nakatingala. Paulit-ulit na suminghot na para bang ayaw may matira sa daliri niya.

Mayamaya pa ay tumatawa na siya habang inaayos ang pagkakabalot ng kayamanan niya. Ini-lock niya ang attache case at saka nakangising tumingin sa amin.

Pinahirapan niya pa ang ilong at bibig saka nagsalita, **"Isipin ninyo na lang na isa itong laro na ang kalaban ay hindi tao. Kailangan niyo ng tapang at lakas pero huwag kayong mag-alala,"** nakangisi siyang humarap sa 'min. **"Dahil hindi niya magagawang pumatay. Magagawa niya tayong saktan at panghinain pero hindi niya tayo magagawang patayin. Hinding-hindi mangyayari iyon."**

Nanggigil ako. Tumakbo ako papasugod sa kaniya saka siya hinila sa kuwelyo. **"Tigilan mo na iyang sinasabi mo dahil pinatay niya na ang kaibigan ko! Pinatay niya si Christian!"** sigaw sa mismong mukha na siyang ikinagulat niya.

Nilingon niya si Taylor na para bang noon niya lang napagtantong may kulang nga sa amin at si Christian iyon. Muli siyang tumingin at napatitig sa akin. Ngayon ko lang siya nakitang ganoon kaseryoso. Ngayon ko lang siya nakita nang wala maski kaunting bahid ng pagiging sarkastiko.

"Ano?" hindi makapaniwalang tanong niya.

"Pinatay niya si Christian," pinangiliran agad ako ng luha. **"Pinatay niya na si Christian kaya tigilan mo na iyang paniniwala mo!"**

"Ngunit ipinagbabawal iyon sa organisasyon," halos pabulong na usal niya. **"Ipinagbabawal sa tulad niya ang pumatay,"** wala sa sariling sabi niya nang hindi nakatingin sa akin.

Unti-unti kong nabitiwan ang kuwelyo niya sa gulat ko. *Hindi maaaring pumatay si Maxpein? Dahil ipinagbabawal iyon sa organisasyon nila? At anong...sa tulad niya?*

Natigilan kaming pare-pareho at napalingon sa pintuan nang may marinig kaming kalabog. **"Kumilos na kayo,"** aniya. **"Kunin ninyo ang lahat ng kaya ninyong bitbitin para iligtas ang inyong buhay,"** gigil na naman niyang sabi.

Pinagpupulot niya ang anumang mahawakan at saka ibinulsa iyon nang ibinulsa. Tumingin siya sa 'min saka lumigid sa pinto. Binuksan niya iyong at itinutok sa daan ang baril. Agad kaming dumampot ni Taylor ng mga baril at granada saka sumunod sa kaniya.

"Nasaan ang Chairman, Cargosin?" pabulong na tanong ni Taylor.

"Hindi ko alam," sabi ko habang inaaninag ang daan. **"Kailangan natin silang makita."**

Maingat kaming bumaba sa kabilang daan, paibaba sa mga hagdan. Hindi ako sigurado pero sa tingin ko ay nag-iisa si Maxpein. Dahil kung hindi ay bakit walang ibang sumusugod sa amin? Hindi ako makapaniwala, sa isip ko ay kahanga-hanga ngunit kakila-kilabot ang tapang niya.

Para sumugod siyang mag-isa, gano'n katindi ang tapang niya?

Napailing ako saka nagmadaling sumunod pababa. Matagumpay kaming nakarating sa sasakyan. Si Taylor ang pumuwesto sa harapan para magmaneho. Nagmamadali niyang binuksan ang makina at pinatakbo iyon.

Ngunit gano'n na lang ulit ang gulat namin nang sunod-sunod na magsipagbukasan ang ilaw ng mga sasakyang mukhang kanina pa nakaabang sa amin. Lahat ng mga iyon ay nasa daan na daraanan pa lamang namin!

"*Mierda*..." Hindi ko alam na posible palang mas tumindi pa ang takot na nararamdaman ko.

"Kaliwa!" bulalas ni Mr. Wood na agad ibinaba ang salamin sa gawi niya sa unahan.

Itinutok niya ang baril sa labas at pinaputukan ang nasa likuran! *Shit!* Natuliro ako at natagpuan ang sarili kong naglalagay ng magasin sa baril. Isa-isa ko ring inilabas mula sa bulsa ang mga granadang nadampot ko. Binuksan ko ang bintana sa gawi ko saka pinaputukan ang mga sasakyan sa likuran na pawang mga humahabol sa amin.

Ngunit tila mamahaling uri ng sasakyan ang gamit nila. Hindi man lang magasgasan ang salamin ng kotseng tinatamaan ko!

Muli akong nagkasa at nagpaputok pero agad na nanlaki ang mga mata ko nang mamataan ko ang pamilyar na motor. Na noon ay nagmamadaling tumakbo at hindi malabong maabutan kami!

"Nandiyan na si Maxpein!" gilalas ni Mr. Wood. **"Bilisan mong magmaneho, animal!"**

Tinapakan ni Taylor ang silinyador at halos mapadausdos ako sa unahan sa sobrang bilis ng takbo namin. Nagmadali rin sa pagsunod ang mga nasa

likuran at gano'n na lang ang gulat ko nang maaninag kong may sumisilip na rin mula ro'n!

Ilang saglit pa ay pinaulanan na rin nila kami ng bala!

"Bilisan mo!" sigaw muli ni Mr. Wood na hindi na magawang sumilip pa sa bintana.

Pare-pareho na kaming mga nakayuko sa pag-iwas sa mga tama ng bala mula sa likuran. At pare-parehong nanlaki ang mga mata namin nang mula sa unahan at mamataan namin ang isa na namang imahe! Imaheng nakatayo sa harapan ng nakaparadang motor!

Sabay-sabay kaming napasigaw nang lumuhod iyon at pumuwesto sa pag-asinta ng baril! Pamilyar na pamilyar sa 'kin ang kilos na iyon na siya namang ikinagalit ni Taylor! Mas binilisan niya ang pagmamaneho! Sobrang bilis na pakiramdam ko ay huminto na ang puso ko.

At gano'n na lang ang gulat namin nang ilang dipa na lang ang layo ay bilang kinabig ni Mr. Wood ang manibela papunta sa kaliwa.

"Nababaliw ka na!" naninisi ang sigaw ni Taylor sa kaniya.

"Sa tingin mo ba ay may takas pa tayo kapag binangga mo siya? Hangin ang isang iyon, ganoon siya kabilis!" gilalas ni Mr. Wood na ipinangsesenyas pa ang hawak na baril. **"Kapag binangga mo ang motor ay hihinto ang sasakyang ito at tapos na ang lahat, bobo! Huwag mo akong pangunahan dahil hindi na bago sa akin ito."**

"Paano mong nalalaman ang mga ito?" hindi ko napigilan ang sarili kong magtanong sa kabila nang nakamamatay na sitwasyon. **"Bakit ganoon na lang kalalim ang pagkakakilanlan mo sa mga Moon? Bakit napakarami mong nalalaman sa kanila?"**

"Dahil dati rin akong myembro ng organisasyon," seryosong sagot ni Mr. Wood na siyang ikinagulat ko. Maging si Taylor ay hindi napigilan ang sariling mapalingon dito. Isa iyong katotohanan na hindi man lamang namin naisip kaya ngayon ay hindi naming magawang paniwalaan.

"Anong organisasyon?" mahinang tanong ko. Hindi ko magawang gisingin ang sarili ko.

"Organisasyon na binubuo ng iba't ibang uri ng sindikato," aniya saka muling sumilip sa bintana at pinaputukan ang mga nasa likuran.

Naiwan akong natitigilan at hindi malaman ang sasabihin at iisipin. Para akong nawala sa sarili.

To be continued. . .

OceanofPDF.com

CHAPTER 225 : THE LAST VENGEANCE

CHAPTER 225 : THE VENGEANCE 7

Who's back with a vengeance?

DEIB'S POV

"RANDALL!" Agad na sinalubong ni *Noona* ang asawa nang bumungad ito sa pintuan. Kasunod niya ay sina Lolo at Chairman Enrile.

Parehong hinahapo ang dalawang matanda at bakas ang matinding takot sa mukha. Lahat ay sandaling nanahimik at nagmasid. Walang nakapagsalita agad para magpaliwanag. Pare-pareho kaming nakikiramdam at naghihintay sa kwento kung ano na ang nangyayari.

Agad na lumapit sina mommy't daddy para asikasuhin ang dalawang matanda nang sumenyas si Chairman ng tulong. Si Randall naman ay parang wala sa sariling naupo sa sofa. Naghahabol ng hininga pero nananatiling tulala. Paulit-ulit niyang naisabunot ang parehong kamay sa buhok saka mapapahilamos na para bang litong-lito na sa sitwasyon.

"What happened?" atubiling tanong ko matapos lumapit sa kaniya. Hindi ko na matiis ang katahimikan.

"Randall, where's Maxwell?" usisa rin agad ni Yaz. **"How about Maxrill?"**

Napabuntong-hininga si Randall. Naihilamos niya na naman ang parehong kamay sa mukha. **"Hindi pa rin namin siya nakukuha. Galit na galit na si Maxpein,"** aniya, pinangingiliran ng luha sa sobrang galit. **"Fuck! Why is this happening!"** Ilang beses niyang naipadyak ang mga paa sa sahig.

"Nasa'n si Taguro?" halos pabulong na tanong ko matapos maupo sa tabi niya. **"Randall sabihin mo sa 'kin kung nasa'n si Maxpein."**

Nilingon niya ako nang kunot na kunot ang noo. Galit niyang kinagat ang sariling labi saka muling yumuko sa mga palad niya. **"This is full of harmful shit,"** wala sa sariling bulong ni Randall. **"When it comes to her family, she'll go to fucking war and those bunch of fucking assholes**

better have a lot for motherfucking soldiers. They don't know her." Tiningnan niya ang bawat isa matapos sabihin ang huling linya.

"Randall, ano ba ang sinasabi mo?" niyugyog siya ni Parrot. Bakas na bakas ang kaba niya. **"'Wag ka ngang ano! May nangyari bang masama kay Maxwell?"**

"They have him, and we can't find them, Zarnaih. We don't know where he is, or where they brought him. Damn it!" Muli siyang napahilamos sa galit at pag-aalala. **"Her pain turned to rage, I'm afraid she's letting everyone to see it. She's dangerous,"** tumingin sa akin si Randall saka tiningnan ang lahat. Hindi ko maipaliwanag ang nakakikilabot na kaba dahil sa huling salitang binitiwan niya. **"Maxpein is dangerous. Maxpein cry bullets."**

Hindi ako nakapagsalita, walang nakapagsalita. Lahat ay naiwang nakatulala kay Randall at pilit na iniintindi ang mga sinabi niya. Kakaiba ang pakiramdam. Para bang napakarami kong nalaman pero sa kabilang banda ay nagdulot iyon ng panibagong katanungan.

Anong klaseng tao ka ba talaga, Taguro? Bakit hindi kita makilala?

Kinukwestiyon ko ang pagkatao niya. Pero hindi ko siya magawang katakutan. Hindi ko siya magawang kamuhian. Puro tanong tungkol sa pagkatao niya ang isip ko pero alinman sa mga iyon ay hindi kayang burahin ang kung anong nasa puso ko na. Ang tatak ni Maxpein na nakaukit na sa puso ko, at tila inilibing pa nang pagkalalim-lalim, walang kayang humukay.

Hindi ko maintindihan ang kaba ko, sumasakit tuloy ang ulo at dibdib ko. Pakiramdam ko ay biglang nadagdagan ang timbang ko, ako mismo ay nabibigatan sa sarili ko.

"Nakapatay si Maxpein." Sinabi iyon ni Randall sa mismong mga mata ko.

Natigilan ako nang matindi. Parang niyanig sandali ang mundo ko. Nagtindigan ang mga balahibo ko. Sunod-sunod na pagsinghap ang nagawa ko, at hindi ko magawang alisin sa kaniya ang aking paningin. Ilang beses pang nagpaulit-ulit sa pandinig ko ang sinabi niya at alinman sa mga iyon ay hindi ko magawang paniwalaan ngayon.

"But...she can't do that..." Wala sa sariling bulong ko, nagtitinig bata.

Umaasa akong sasabihin sa 'kin ni Randall na nagbibiro siya pero walang nagbago sa hitsura niya. Nananatili siyang nakatingin sa kawalan at hindi malaman kung ano ang mararamdaman.

Hindi ko rin maipaliwanag ang nararamdaman ko. Nagugulat ako pero kalmado ang sistema ko. Hindi ko maintindihan talaga.

"Where are they?" tanong ko mayamaya. Tiningala naman agad ako ni Randall. **"Where is she? Where's Maxpein, Randall? Pupuntahan ko siya."**

Napatayo si mommy at patakbong lumapit sa 'kin. **"Anak, it's dangerous."**

Umiling ako. **"Sa atin nagsimula 'to, mom,"** pabulong na pagpapaunawa ko. **"Tumulong naman tayo."**

"Pero hindi tayo tulad nila," sabat ni *Noona* nang hindi makasagot si mommy, nangingilid ang mga luha niya. **"Hindi tayo katulad nina Maxpein at ng pamilya niya, Deib Lohr."**

"Anong katulad? Paanong katulad?" naiinis kong tugon. **"*Noona*, hindi ko na kayang maghintay na lang dito. Habang sila..."** Para akong mababaliw sa dami nang pumapasok sa utak ko. Kung ano-anong naiisip ko, at hindi maganda ang mga 'yon.

"Baka mapahamak ka lang sa gagawin mo, anak," nakikiusap ang tono ni mommy.

"Sasama ako." Natigilan ang lahat nang magsalita si Chairman Enrile.

Nilingon siya ng lahat. At nagulat din ang lahat nang makita siyang pinangingiliran ng luha. **"Dad..."** Lumapit sa kaniya si daddy.

Pero napako sa akin ang paningin ni Chairman. **"Tama si Deib Lohr. Tumulong tayo sa kanila. Hindi pwedeng iasa natin ang lahat sa kanila, kahit pa sila ang may kakayahan."** Tumingin siya kay Noona. Humugot siya nang malalim na hininga. **"Ikinahihiya ko ang sarili ko nang sobra-sobra. Nahihiya ako sa inyong lahat. Nahihiya ako nang lubos sa mga Moon."** Napahilamos siya sa sariling mukha.

"Don't say that, Chairman." Lumapit si Lolo Dei Min sa kaniya at hinawakan siya sa balikat. **"Parating bukal sa loob nilang intindihin ang sitwasyon. Iyon ang mga Moon. Ganoon ang puso nila, nang bawat miyembro ng kanilang pamilya. Walang may gusto sa atin nito."**

"Desidido na akong sumama," tumingin si Chairman sa lahat. **"Umaasa akong sa pagkakataong ito ay may magagawa ako. At umaasa akong sa pagtulong ko ay mahihinto na ang lahat ng ito, kahit pa...alam kong imposibleng may magawa ako. Kahit pa alam kong imposibleng mahinto na lang ito basta, kahit pa ikapahamak ko, gusto kong sumubok."**

Hindi ko na lalo maipaliwanag ang pakiramdam. Nakatingin sa akin si Chairman Enrile habang sinasabi ang mga salitang 'yon. Sa sandaling iyon pakiramdam ko ay kaming dalawa lang ang nag-uusap.

"Sa akin nagsimula ito," nag-aalala ang gumagaralgal na tinig ni Chairman. **"Hindi na kaya ng konsensya kong manatili sa ligtas na lugar, habang ibang tao ang nagdurusa at nagbabayad sa kasalanan ko."** Hinarap ni Chairman si daddy. **"Stay here, Lohrton. Stay with our family and watch them."** Saka siya tumingin sa akin. **"I'll go with you."**

"Pero baka lalong dumami ang mapahamak kung pati kayo ay pupunta ro'n, Chairman." Nagsalita si daddy. Hindi niya maitago ang pag-aalala.

Sinserong ngumiti ang Chairman. **"Nagtitiwala ako sa mga Moon."** Tumango-tango siya saka lumingon sa 'kin. **"Lalo na kay Maxpein Zin del Valle-Moon."**

Napakurap ako. Hindi ko maintindihan kung paanong hinaplos ng mga salitang iyon ang puso ko. Napatitig ako kay Chairman, at sa sandaling 'yon pakiramdam ko ay sang-ayon ako sa lahat ng sinabi niya.

Iyon. Ang pangalang 'yon ni Taguro ay may kakaibang lakas at sadyang makapangyarihan. Kayang patayuin ang balahibo at pakabugin ang puso nang kahit na sino kapag ganitong sitwasyon ang pinag-uusapan.

"Hindi pwedeng parati na lang tayong nasa ligtas na lugar habang sila ay nasa delikado. Hindi pwedeng sila ang humarap sa mga taong gustong maghiganti sa atin, sa akin. Kailangang may gawin din ako para sa pamilyang ito. No one is assigned to protect this family except from us."

"Deib Lohr..." Hinawakan ni mommy ang braso ko, pinipigilan ako sa pag-alis. **"Please, anak."** Nagsimula na agad siyang umiyak. **"I know it's selfish but...please don't go?"**

Napabuntong-hininga ako saka ko hinawakan ang kamay niya. Napako ro'n ang paningin niya nang dahan-dahan kong alisin ang kamay niyang nakahawak pa rin sa akin. Saka sunod-sunod na tumulo ang mga luha niya.

"I have to do this, mom, please understand," mahinang sagot ko. Pakiramdam ko ay nangyari na ang sandaling 'yon, hindi ko maintindihan. **"I know it's dangerous. But I'm supposed to protect my family, and fight for the people and things that I love. I can't just stand here and wait for their return. And also..."** Emosyonal akong napatitig sa kaniya. **"I want to protect the one who's fearlessly protecting me, mom.**

Regardless of the situation, no matter how hopeless the outcome may be. I want to, at least, try." Pareho kami nang sinabi ni Chairman.

"Sasama rin ako," matapang na sabat ni Yaz.

"Ano? Nababaliw ka na ba, ate?" pasigaw na sabi ni Parrot. **"At ano ang gagawin mo ro'n?"** mataray niyang dagdag. Bagaman gano'n ang tono at hitsura niya ay hindi niya maitatago ang pag-aalala. **"Makikipag-espadahan ka sa kanila? Tapos, ano? Ikaw ang pupuntiryahin nila? Nagpa-practice kayo nang sabay ni Maxpein pero pinagbibigyan ka lang no'n! 'Yong tipong ikaw, seryoso, tapos siya bored, gano'n! Ate naman! Fencing lang ang alam mo, kaya 'wag kang mayabang! 'Wag ngayon, ate!"**

Seryoso siyang hinarap ni Yaz. **"I know I can do something, Zarnaih. Come on,"** nangungumbinsi ang boses niya.

Kunot-noong napabuntong-hininga si Parrot habang nakatingin sa kapatid. Makikita ang kagustuhan niyang pigilan si Yaz pero halatang batid din niyang hindi niya na ito mapipigilan. Sunod-sunod ang pag-iling ni Parrot at hindi niya na nagawang pigilan pa ang pagtulo ng kaniyang mga luha.

"Look," hinawakan ni Yaz ang kapatid sa magkabilang braso. **"Alam nating pareho kung gaano kagaling si Maxpein, although hindi pa natin nakikita. But look at all of us, Zarnaih."** Inikot ni Yaz ang mga nakalahad niyang braso. **"Sa dami natin, paano niya tayong mapoprotektahang lahat? Nag-iisa lang siya."** Umiling nang umiling si Yaz. **"She's our friend, Zarnaih. She's our family."** Naging emosyonal ang magkapatid. Nagbaba ako ng tingin dahil hindi ko sila matagalang tingnan. **"Let's be fair with her, Zarnaih. Hindi para ipakitang magagawa rin natin ang kaya niyang gawin. Kundi para iparamdam sa kaniyang kikilos din tayo para tulungan siyang lumaban. Kailangang maramdaman niyang hindi siya nag-iisa. Kahit pa hindi natin alam kung paano, kahit pa wala tayong kakayahan. She deserves to be protected too."**

Lalo akong naging emosyonal. Kakaiba ang idinulot sa 'kin ng mga huling salita ni Yaz. Hindi ko maiwasang maisip ang nararamdaman ni Taguro sa t'wing nasa ganoong sitwasyon siya. Kung saan kami ang iniisip niya at hindi kahit kailan ang sarili niya.

Naagaw nang pagkilos ni Randall ang lahat. Pare-pareho namin siyang pinanood na pumasok sa practice room ng mansyong iyon. Magkakasunod

kaming sumunod sa kaniya at sabay-sabay ring natigilan matapos namin siyang makitang naglalagay ng bala sa magnum revolver na hawak niya.

"Randall," natitigilang lumapit si *Noona* sa kaniya. **"What is that?"**

"Maxwell's friend, Sudden Death," sagot ni Randall habang sinisilip kung tama ba ang pagkakalagay niya. Seryosong-seryoso siya, malayo sa natural na pagiging seryoso niya. Kakaiba ang Randall na 'yon sa harap namin, hindi ko kilala. **"Malas ang tatamaan ko ng bala, alam ko kung saan sila pupuntiryahin kahit hindi ako magaling umasinta."** Sinabi niya 'yon habang deretsong nakatutok sa pader ang baril.

"You're not going to use that, aren't you?" kabadong tanong ni *Noona* habang sinusundan si Randall papalabas mula sa practice room. Agad din kaming sumunod sa kanila. **"Randall, answer me!"**

Huminto si Randall sa gitna ng sala para deretsong tingnan ang asawa. **"I'll use it, if it's necessary, honey."** Saka siya makahulugang ngumisi. **"Kasi kung si Maxpein ang gagamit nito, masasayang lang ang bala dahil lahat ay kaya niyang itumba gamit ang kamay niya."**

"At ang balang papatay sa kaniya ay hulmado na." Biglang may nagsalita mula sa kung saan sa itaas!

Ngunit bago pa namin nagawang lingunin kung kanino iyon nanggaling ay namatay na ang mga ilaw! Agad na nangibabaw ang matinding dilim at pare-parehong nagsipag-atrasan papunta sa gawi namin ang ilan naming kasamahan.

Nagsipag-ungulan sa takot ang mga babae. Kapit na kapit sa akin si mommy, halos bumaon sa braso ko ang mga kuko niya. Naramdaman ko ang pangunguna ni Randall, agad na itinatabi sa amin ang mga matatanda.

Hindi ko maipaliwanag ang kakaibang tapang na namuo sa dibdib ko, hindi ko alam kung saan ko iyon nakuha. Basta ko na lang inalis ang kamay ni mommy sa braso ko saka ako pumantay kay Randall nang masanay sa dilim ang mga mata ko.

"Randall, si RD," umiiyak nang bulong ni *Noona*. Nanginginig ang boses niya. Nasa 'taas si RD kasama si Manang. Sa 'taas din nagmula ang pamilyar na tinig na iyon ng lalaki.

"Shit," bulong ni Randall. **"Sino 'yan!"** galit na sigaw niya.

Walang tumugon. Pero ang sunod-sunod na yabag ng mga paa pababa ng hagdan ang nakapagpapigil sa paghinga ko. Mabibigat ang mga iyon at mabagal. Sa sobrang tahimik, maging ang kaluskos ng kamay nitong nakahawak marahil sa haligi ng hagdan ay naririnig ko.

"She killed our brother. I don't know what to say...but I know what to do." Mahihimigan ang galit sa tinig ng lalaki.

Lovemir!

Mabilis na naghalo-halo ang emosyon ko. Ang hindi kapani-paniwalang balita tungkol kay Taguro, ang nangyayari, at ngayon ay ang presensya ni Lovemir na binubuhay ang takot ko.

Ngunit agad na naalis sa gawi ng hagdan ang paningin ko nang may anino akong nakita na lumampas sa bintana. At kasunod niyon ay panibagong anino sa kabila pang bintana. Nahawakan ko ang mga nasa likuran ko at isa-isa silang pinalibutan gamit iyon, na para bang magagawa ko silang takpan kung ano man ang mangyari.

Nagsipag-atrasan kami at ilang saglit pa ay bumuhay ang mga ilaw. Nanlaki ang paningin ko, maging ng iba pa, nang makita namin sina Lovemir, Eerah Anitha at Chairman Rewis. Nakaupo ang senyor sa malaking silya na siyang madalas upuan ni Chairman Moon noon. Sina Lovemir at Eerah Anitha ay nakatayo sa magkabilang tabi niya.

Ngunit mas nagulat kami nang makitang kalong ni Chairman Rewis si RD. Nanginig ang kalamnan ko matapos panoorin ang senyor na tingnan ang tulog na tulog at inosenteng bata.

"RD..." Iyon na ang pinakamasakit na paraan ng pagtawag ni *Noona* sa anak niya.

"Give me back my son," mahinahong pakiusap ni Randall. Nakasenyas ang kamay niya at humahakbang papalapit sa kanila. **"I'll give you everything you want, just give me back my son."**

Tumayo si Chairman Rewis, napahinto sa paglapit si Randall. At nasindak kami nang bigla niyang bitiwan si RD at saluhin sa kaliwang paa ang bata! Nagising ang pamangkin ko at umatungal nang pag-iyak dahil sa ginawa niya. Nakita namin kung gaanong hinigpitan ni Chairman Rewis ang pagkakahawak sa binti ni RD. Nagwawala ang bata sa pag-iyak pero walang magawa. Panay ang pagsipa ng paa nito, iwinawagwag ang kamay, ngunit agaw-pansin ang mabilis na pamumula ng mukha nito dulot ng pagkakabaliktad.

Napatili si *Noona* nang bahagyang sumipa si Chairman Rewis. Mula sa ilalim ng sapatos niya ay pumaibabaw ang talim ng kutsilyong hindi malaman kung paanong nailagay ro'n. Sa ginawa niya ay nasisiguro kong oras na bitiwan niya si RD ay doon ito babagsak.

Parang dinudurog sa marahas na paraan ang puso ko habang pinapanood si RD na umiyak habang nakatingin kay *Noona*. Ang maliliit na daliri nito ay pilit na itinuturo ang ina, paiyak na isinisigaw ang inosenteng paraan nang pagtawag ng anak sa kaniya. Nasa mga mata ni RD ang inosenteng pagmamakaawa at paghingi ng saklolo.

Naging matunog ang paglunok ko. **"Give him back. Please."** Iyon palang ang nasasabi ko pero naghahabol na ako ng hininga.

Naagaw ko ang atensyon ng tatlo, malumanay nila akong nilingon. **"Sumama ka sa amin,"** ani Lovemir. **"Bubuhayin ko ang pamangkin mo."**

Parang dinamba ang dibdib ko. Hindi ko maipaliwanag ang kakaibang kabog do'n. **"Sige,"** kaswal kong sabi. Hindi ko alam kung saan ako kumuha ng lakas ng loob. **"Sasama ako. Pero wala na kayong sasaktan sinuman sa mga tao na nandito."**

Ngumisi si Lovemir. **"'Lakas ng loob mong mag-utos."**

"Give me back my son," ani Randall.

"Get him yourself," ani Chairman Rewis. Napatingin kaming lahat sa Chairman. At gano'n na lang ang gulat namin nang makitang hindi siya kay Randall nakatingin kundi kay *Noona*!

Nakita ko kung paanong napalunok sa takot at kaba si *Noona*. Nilingon niya kami ni Randall bago muling tumingin sa kanila. Humigpit ang pagkakahawak niya kay Randall. Napahawak siya sa dibdib at napuno ng pag-aalala. Hindi niya malaman ang gagawin, kung iiyak o sisigaw ba. Napatingin siyang muli kay Randall na noon ay natutuliro rin, panay ang lingon sa mga Rewis at sa asawa.

"Please," wala sa sariling sabi ko. **"Ibigay niyo na lang ang bata, 'wag niyo na siyang idamay."**

"Kunin mo," sagot ni Chairman Rewis na kay *Noona* pa rin nakatingin.

"Please," gusto kong lumuhod sa pagmamakaawa. **"Wala kayong sasaktan sa kanila."**

Nilingon ako ni Chairman Rewis. Hindi man lang siya ngumingisi, masyado siyang seryoso at halatang galit pa. **"Mas masasaktan ang batang ito kung patatagalin ninyo pa ang pagkuha sa kaniya mula sa akin."**

Napasinghap si *Noona* at nagsimulang humakbang. **"Dein..."** Hinabol at pinigilan siya ni Randall. Nilingon lang siya ng asawa at saka ito nagpatuloy sa paglapit sa mga Rewis. Hindi malaman ni Randall kung ano

ang gagawing kilos. Napapaamba siya ng paghawak kay *Noona*, umaamba rin ng paglalakad pasunod. Pero sa t'wing pupukulin siya ng tingin ng mga Rewis ay napapaikot siya pabalik at napapahilamos sa mukha.

Nakatuon kay RD ang paningin ni *Noona* habang umiiyak. Ang mga kamay niyang nanginginig ay nasa dibdib lang at hindi matigil sa kaluskusan ang mga daliri niya. Nasisiguro kong natatakot siya. Gusto kong kumilos pero mas natatakot ako na baka silang dalawa na ni RD ang mapahamak kapag ginawa ko iyon.

Ngunit nagulat ang lahat nang walang ano-ano ay sumugod si daddy at subukang agawin ang bata sa kanila. Sa isang tutok ng baril ay natigilan siya at nakasukong umatras.

"Please, just leave us alone," nagmamakaawa ang galit na tono ni daddy. **"Leave us alone, please. Give us back the boy."**

Ngumisi si Chairman Rewis. **"Sinabi ko na ang gusto ko, susundin na lang ninyo."**

"Please!" naluluha nang sigaw ni daddy.

Ikinasa ni Chairman Rewis ang hawak na baril at ipinakatutok 'yon kay daddy. **"I want your daughter to get her child. It is better if you keep your mouth shut."**

Sinamaan ko ng tingin sina Eerah Anitha at Lovemir na noon ay walang karea-reaksyon. Pinapanood lang nila ang ginagawa ng kanilang ama, walang bahid ng konsensya lalo na ng takot.

Halos huminto kami sa paghinga nang sa wakas ay makalapit sa Chairman si *Noona*. Nanginginig ang kamay niya habang papalapit ang mga daliri sa braso ng anak niya. Hindi pa man niya tuluyang nakukuha ang anak ay nag-angat siya ng tingin sa demonyong senyor. Umiiyak niyang tinitigan ito, may pag-aalinlangan at takot sa kung anumang maaari nitong gawin sa kaniya.

"Please..." Halos pumiyok sa pag-iyak si *Noona*. Bakas sa kaniya ang kagustuhang kunin ang anak pero makikita kung gaano kahigpit ang pagkakahawak ng Chairman kay RD, Ang mga daliri niya ay bumabaon sa mga taba sa binti ng bata.

Pigil ang hininga naming pinanood ang pagbawi ni *Noona* kay RD. Makakahinga na sana ako ngunit napakilos ako nang bigla ay sipain ni Chairman Rewis si *Noona* sa binti, na siyang ikinatumba nito!

"Kapag sinabi kong kunin mo ang anak mo, kunin mo agad!" sigaw ni Chairman Rewis na hindi nakontento sa naunang ginawa. Pinagsisipa

niya si *Noona* sa mukha! **"Kunin mo, kunin mo, kunin mo! Wala kang kwentang ina! Sinasaktan na ang anak mo, puro ka pa iyak! *Mierda*!"** Paulit-ulit niyang sinipa si *Noona* at kung saan-saan ito tinamaan. Halos hindi na nagawang sumigaw dahil mabilis na dumugo ang bibig at ilong niya.

"*Noona*!" sigaw ko sabay takbo. At bago ko pa mapigilan ang sarili ko ay nahawakan ko na ang Chairman sa kwelyo at wala sa sariling sinapak ito. Sa sobrang gigil ko ay agad ko siyang hinila bago matumba at saka ko siya muling sinuntok sa mukha.

Biglang tumakbo papalapit si Randall. At maging ako ay nabigla nang humugot siya ng baril mula sa kaniyang likuran at walang takot iyong itinutok sa Chairman. Pero kakaba-kabang sa isang hakbang ay nagawang lumapit nina Lovemir at Eerah Anitha. Mas kagulat-gulat na humugot din silang pareho ng baril. Natigilan ako maging sa paghinga. Ang baril ni Lovemir ay nakatutok sa akin at ang baril ni Eerah Anitha ay nakatutok naman kay Randall.

Pero ang pinakanakakagulat ay si Yaz Marchessa. Hawak ang espadang hindi malaman kung saan niya hinugot o nakuha. Mariin na nakatutok iyon sa mismong litid ni Eerah Anitha na lumabas dahil sa sobrang higpit nang paghinga.

"Move, bitch," pabulong na sinabi ni Eerah pero narinig nang lahat. **"Save your ass."**

"No. Let's have a bitch fight," nanggigigil ang tinig ni Yaz.

"Si Deib Lohr Enrile lang," seryoso iyong sinabi ni Lovemir. Pero hindi ko maintindihan kung bakit pakiramdam ko ay napakamakapangyarihan niya para kabahan ako sa linyang 'yon. **"Walang masasaktan."**

"Sasama ako, ibaba mo ang baril mo," sagot ko.

Nilingon ako ni Lovemir at walang alinlangang ikinasa ang baril at itinutok iyon sa noo ko. **"Ako ba talaga dapat ang utusan mo?"**

Nagpigil ako ng galit habang nakatingin sa kaniya. Pero bago pa ako makagawa ng mali ay nilingon ko na si Randall. Hinawakan ko siya sa balikat at bahagyang tinapik. Iyon ang paraan ko ng pagpaparating sa kaniyang ibaba niya ang baril. Agad naman 'yong nakuha ni Randall. Galit siyang umatras at mula sa likuran ay hinawakan niya si *Noona* na noon naman ay inaalo ang anak nila.

"Ano pa'ng hinihintay ninyo?" nagsalita ako. **"Ako ang kailangan ninyo, 'di ba? Umalis na tayo. Ako lang ang susunduin, kailangang tatlo pa kayo? Gano'n kayo kahina?"** Hindi ko alam kung tama ba ang sinabi ko. Hindi ko na magawang makapag-isip nang tama dahil sa halo-halong emosyon.

Nagulat ako nang biglang dambain ni Lovemir ang dibdib ko! Damba na sa una ay walang idinulot na pakiramdam sa 'kin pero ramdam ko ang lakas. Nang mapaatras ako at halos mawalan ng balanse ay doon ko lang naramdaman ang epekto.

Sinubukan kong tumayo pero paluhod akong natumba habang nakahawak sa dibdib. Ang kalabog na 'yon sa dibdib ko ang gumulat sa 'kin. Nanlalaki ang mga mata ko nang mapatitig sa kung saan.

Napatingala ako kay Lovemir na para bang sa gano'ng paraan ko siya tinatanong kung ano ang ginawa niya at bakit niya 'yon ginawa. Alam kong dinamba niya ako sa dibdib, nakita at naramdaman ko, maging ang dahilan ay alam ko pero kakaiba ang naging epekto no'n sa 'kin. Hindi normal. Mas pinabilis ang tibok ng puso ko. Hindi iyon 'yong mabilis na gaya ng kaba, iyon ang bilis na nakapagpapakaba sa akin. 'Yong masakit. Mabilis. Humihinto at may pagitan. 'Yong sakit sa dibdib na parati kong iniiwasan at hinihiling kong 'wag ko na uling maramdaman at maranasan. 'Yong sakit na hindi ko maipaliwanag pero alam ko ang pakiramdam.

"Deib Lohr!" palahaw ni mommy.

Shit! Napamura ako sa isip.

Mabilis na nangilid ang mga luha ko. Mas nilakihan ko ang pagkakabuka ng aking bibig para mahigop ang hangin na kailangan ko. May ilang beses ko na itong naramdaman, hindi na mabilang. Pero mas matindi ito, pinakamatindi sa mga nagdaang naramdaman ko. Ang sakit mula sa dibdib ay gumapang nang mabilis papunta sa batok, pababa sa likuran ko. Hindi nawawala, hindi humihinto, hindi nababawasan. At sa halip ay lalong tumitindi ang sakit, na para bang paulit-ulit akong dinadamba sa dibdib.

Nailuhod ko ang pareho kong tuhod saka ako napayuko. Ang kaliwa kong kamao ay nakasuntok sa sahig at lalong humihigpit sa pagkakakuyom. Ang kamay ko ay paulit-ulit na dumadaklot sa dibdib ko, para bang sa gano'ng paraan ko maaalis ang sakit doon. Pero walang nangyari. Ang mabilis na pangyayari ay naging mabagal sa akin.

Pakiramdam ko ay malalagot ang paghinga ko dahil sa bawat paghugot ko ng hininga ay mas sumasakit siya. May kung anong malalim na

tumutusok sa bawat gilid hanggang sa hindi ko na napigilan ang pagsigaw ko.

"Deib Lohr!" palahaw muli ni mommy matapos tumakbo papalapit. Yumuko siya at naupo sa tabi ko. Umiiyak at hindi malaman kung saan ako hahawakan.

Napanood ko ang mga paa ni Lovemir na humahakbang papalapit sa 'kin. Kinabig ko papunta sa likuran si mommy para harapin si Lovemir. Kusa nang tumulo ang mga namuo kong luha, kahit hindi pa ako naiiyak. Sinamaan ko siya ng tingin matapos tingalain. Ang walang emosyong mukha niya ay nakadaragdag ng kaba sa 'kin.

"Gaano kasakit, Deib Lohr?" tanong niya nang hindi nagbabago ang reaksyon. **"Gaano kasakit ang dibdib mo? Anong pakiramdam nang unti-unting namamatay ang iyong puso?"** Ngumisi siya. **"Kung bakit kasi, may pera ka naman, hindi ka magpaopera?"** Saka siya sarkastikong tumawa. **"Ah!"** umakto siyang parang may naalala bigla. **"Nagpunta ka nga pala sa America, ang kaso ay wala kang donor na nakuha. Tsk tsk."** Gusto kong magulat kung paano niyang nalaman 'yon pero hindi ko na 'yon nagawa.

Ano ang nangyayari sa 'yo, Lovemir? Gusto kong isumbat sa kaniya ang lahat ng kabaitan ni Taguro at ng pamilya niya sa lalaking ito. Hindi ko maintindihan kung bakit ganito ang pakikitungo niya ngayon. Galit na galit siya, at hindi iyon sa mukha niya makikita. Ipinaparamdam niya.

Dahil ba...pinatay ni Taguro ang kapatid niya? Napatitig ako kay Lovemir habang naghahabol ng hininga. *Sinong kapatid? Si Cargosin?* Hindi ko alam kung paano ko pang nakuhang magulat at magtanong sa isip sa gano'ng lagay.

"'Wag mong ibintang sa iba ang pagiging mahina. Dahil bago kami maging mahina ay lumaban muna kami. Ikaw, nanonood na nga lang, lalo pang humihina." Pakiramdam ko ay iyon na ang pinakanakakainsultong bagay na narinig ko. **"Wala kang pakinabang kundi magbigay ng aliw sa magulong buhay. Ikaw dapat ang namamatay, Deib Lohr Enrile. Ikaw. Tumayo ka!"** Bigla ay itinutok niya sa sentido ko ang baril at sinipa ako sa panga!

Nakita ko ang pagkilos ni Randall, matinding pagpipigil sa sarili ang ginagawa niya. Kuyom na kuyom ang mga kamao at tiim na tiim ang nanggigigil niyang panga. Galit na galit pero nakukuhang mag-isip kung alin ang dapat gawin at kung ano sa sandaling ito ang tama.

"No!" halos dumapa sa pagmamakaawa si mommy. Hindi lang siya lumuhod, halos halikan niya pa ang paanan ni Lovemir. At mas nasaktan ako matapos siyang makita sa gano'ng sitwasyon. **"Please don't hurt him, don'. Please. Not his chest. Don't hurt my son, please. Have mercy on us, I beg you. I beg for your mercy, I beg you. Please."**

Gusto kong pigilan si mommy sa ginagawa niya. Pero gaya ng sinabi ni Lovemir ay 'ayun ako. Halos dumapa na rin sa sahig at walang magawa kundi luhaan ang sakit sa dibdib. Hindi ko matanggap na hanggang doon lang ako, na nakukuha kong magalit nang higit pa sa kaya kong ikagalit. Pero sa huli, wala pa rin akong magawa. Hanggang doon lang ako. Hanggang sa ganoon lang. Walang ipinagbabago.

"Get up, Deib Lohr!" Sinipa ni Lovemir ang ulo ko!

Ni hindi ko magawang hawakan ang bumbunan ko. Hindi ko alam kung alin ang uunahin, ang dibdib o ulo ko. Parehong masakit! Halos bumaluktot ako pero walang nababawas, lalong lumalalim ang sakit. Maging ang paghinga ko ay lalong humihigpit. Kinukulang ako sa hangin at pakiramdam ko anumang oras ay mauubusan ako. Para akong maduduwal, nagsisimula na ring umikot ang paningin ko na gaya ng sa inaantok.

"Sinabi nang tumayo ka!" Sa dibdib niya na naman ako sinipa at talaga namang napasigaw ako nang malakas at mahaba. Kasabay niyon ay ang pagtulo ng aking mga luha.

"Parang awa mo na!" sigaw ni mommy. Hindi na mabasa ang kilos dahil sa dami ng galaw niya. Kung ano-anong kilos ang nagagawa niya dahil sa hindi malaman kung paano pang pakikiusapan ang mga demonyong kaharap namin. **"Enough, please. Dios ko..."** dumaloy nang dumaloy ang mga luha ni mommy.

"Ano, Deib Lohr!" muli akong sinipa ni Lovemir sa dibdib dahilan para mapaduwal ako ng likidong may halong dugo!

"Lovemir!" sigaw ni Randall pero hindi siya pinakinggan nito.

Paulit-ulit kong hinampas ang sahig bilang pagsuko. Hindi ko na kaya. Isang beses pa ay baka ikahinto na ng aking paghinga.

"Tama na! Tama na!" Nangibabaw ang gumagaralgal na tinig ni Chairman Enrile.

Naitaas ko ang kaliwa kong kamay matapos ko siyang makitang sumugod kay Lovemir, at ipagduldulan ang sariling dibdib sa nguso ng hawak na baril nito. Galit na nakipagtitigan si Lovemir sa kaniya. Bawat

segundong pumapatak ay nababaliw ako sa kahihiling na sana ay 'wag iputok ni Lovemir ang baril.

"Tama na! Tigilan ninyo na ang pamilya ko. Sa akin nagsimula ang lahat, hindi ba? Ako na lang ang parusahan ninyo. Ako na lang ang patayin ninyo. Huwag ninyo nang idamay ang pamilya ko at ang mga taong malalapit sa amin. Pakiusap. Gagawin ko ang lahat. Handa akong pagdusahan ang lahat para sa kaligtasan nila." Dere-deretso iyong sinabi ni Chairman Enrile, nasa tinig niya ang desisyon at pagsisisi. Pilit niyang sinasalubong ang tingin ni Lovemir na kung saan-saan napupunta habang nakikiusap siya.

"Hayop ka!" sigaw ni Lovemir. Bigla ay inihampas niya ang puwitan ng baril sa gilid ng leeg ni Chairman dahilan para mapaatras ito. Saka humakbang si Lovemir papalapit upang tutukan ito ng baril. **"Ikaw ang sumira sa buhay namin, ng pamilya ko at ng pamilya mo! Sa simula pa lang ay ikaw na dapat ang namatay! Ikaw ang pinakamasamang damo na nabubuhay ngayon sa mundo, Chairman Enrile, kailangan nang mawakasan ang paghinga mo."**

Talagang galit na galit si Lovemir. Mababasa iyon sa panginginig ng kamay at labi niya. Ang garalgal ng boses niya ay dulot nang matinding galit na hindi ko alam ang pinagmumulan.

"Nakikiusap ako sa inyo. Tama na ito. Ako na lang ang gantihan ninyo." Maluha-luhang tumingin ang Chairman kay Lovemir. **"Pinagsisisihan ko na ang lahat. Kung ano man ang ikinagalit ninyo sa amin, patawad. Patawad. Patawad..."** Lumuhod ang Chairman sa kanila, bagay na hindi ko kailanman naisip na magagawa niya.

Pailalim siyang tiningnan ni Lovemir, masamang-masama ang tingin. Kung hindi ako nagkakamali ay parang maluluha na rin siya sa galit.

"Kung ano man ang ikinagalit namin..." Pabulong na inulit ni Lovemir ang mga unang salitang sinabi ni Chairman. **"Bakit? Alam mo na ba ngayon kung ano ang dahilan kung bakit kami narito?"** dahan-dahan at mahinang tanong ni Lovemir. Saka siya emosyonal na humalakhak. **"Talagang ngayon mo lang nalaman?"** mariing dagdag niya.

Napayuko si Chairman. **"Ako ang dahilan ng pagkamatay ng iyong ina. At nagsisisi na ako."** Saka siya tumingala kay Lovemir. **"Nagsisisi na ako. Pinagsisisihan ko na iyon. Ang lahat ng ito ay pinagsisisihan ko."**

"Nagsisisi ka, habang siya ay nakalibing na. Hindi patas," namamaos si Lovemir. Naupo siya at pinagpantay ang tingin nila ni Chairman. **"Gusto**

kitang patayin, Chairman Enrile. At gagawin ko 'yon. Papatayin kita. At ngayon ang araw ng kamatayan mo."

"Gawin mo na. Kung iyon ang gusto mo ay gawin mo na," agad na tugon ni Chairman na siyang ikinabigla ng lahat. **"Kung doon kayo matatahimik, kung doon mahihinto ang lahat ng ito ay handa na akong mamatay."**

Matagal na katahimikan ang nangibabaw pero hindi inalis ni Lovemir ang titig sa kaniya. **"Paano mo pang makikita ang pagkamatay ng mga taong narito kung kukunin ko na ngayon mismo ang buhay mo?"**

Nabigla si Chairman at gulat na napapatitig sa kaniya. Saka muling yumuko nang yumuko. **"Pakiusap, ako na lang ang saktan at patayin ninyo. Huwag na ang pamilya ko at mga taong malalapit sa amin."**

"Maraming nabubuhay ngayon ang nararapat na mamatay, isa kang magandang halimbawa, Chairman Enrile. Masakit tanggapin ang kamatayan ng isang taong malapit sa iyo, lalo na at karapat-dapat siyang mabuhay. Pero hindi ko na maibabalik pa ang mga buhay na nawala sa amin. Wala akong kakayahang baliktarin ang mundo," nagsisimula nang manggigil si Lovemir. **"At kaya namin ginagawa ito, hindi para ipaghiganti sila. Kundi para ipaghiganti ang mga sarili namin. Dahil kinuha ninyo sa amin ang mga taong nagsisilbing liwanag sa madilim naming buhay."** Hindi ko maintindihan kung bakit pakiramdam ko ay narinig ko na noon ang huling linyang binitiwan niya. Hindi ko matandaan kung kailan at kung may nakapagsabi na nga niyon sa 'kin. Pero nararamdaman kong hindi na iyon bao sa pandinig ko.

Napasigaw ang lahat nang biglang tumayo si Lovemir at iputok ang baril niya! Agad ding napalingon ang lahat sa gawi ni Lolo Dei Min! Hindi ko malaman kung nakahinga ba ako nang maluwang o lalo akong hindi nakahinga matapos ko siyang makitang nagugulat din. Ang teleponong hawak niya ang inasinta at pinatamaan ni Lovemir.

"Pakiusap--" Hindi na nagawang magpatuloy ni Chairman dahil inihampas na muli ni Lovemir ang hawak na baril sa kaniya.

"Tumigil ka na!" sigaw ni Lovemir saka muling tinutukan ang matanda. **"Kahit ilang beses kang makiusap at magmakaawa, kahit gaano kang katagal na lumuhod, ang patay ay patay na!"** Mabilis na nangilid ang mga luha niya sa sobrang galit. **"Hindi mo na maibabalik ang mga nawala na. At lalong hindi mahihinto ang paghihiganti namin dahil sa makapangyarihan mong salita!"**

Biglang dinampot ni Lovemir ang salamin ng mesa at walang-awa iyong inihampas sa ulo ni Chairman Enrile! Napakilos ako nang makita ko ang mabilis na pagguhit ng dugo sa bandang gilid ng ulo niya. Galit siyang pinanood ni Lovemir na unti-unting bumagsak at mawalan ng malay. Saka niya basta na lang itinapon sa kung saan ang basag na salamin at tiningnan ako.

Galit siyang sumugod sa 'kin at nang akma akong sasagipin ni Randall ay pinaputukan niya ito sa braso! Patalikod na natumba si Randall dahil sa gulat. At bago niya pa nagawang kumilos muli ay naro'n na ang baril ni Eerah Anitha sa sentido ni *Noona*. Si Chairman Rewis ay animong nasa sinehan lang, walang reaksyon bagaman komportable sa panonood.

"Parang awa niyo na!" sigaw ni mommy pero walang nakarinig sa kaniya.

Tuluyan akong sinugod ni Lovemir at pinagsisipa sa mukha. **"Tumayo ka kung ayaw mong magdesisyon na akong patayin kayo isa-isa."**

Sa isip ko ay nagmamadali akong makakilos, pero ang totoo ay hindi 'yon magawa ng katawan ko. Hirap na hirap man ay sinikap kong gumalaw para tumayo. Gusto kong sumunod na lang agad. Gusto kong mahinto na 'to kaya sasama na ako. Pero hindi makisama sa 'kin ang katawan ko.

At hindi ko malaman kung bakit pakiramdam ko ay magagalit lalo si Taguro kapag nakita niya akong ganito.

Sa unang pagkakataon, ipinagmakaawa ko sa isip ko ang pagdating ni Taguro. Umaasa akong darating siya at itutumba ang tatlong 'to sa harap ko, aalisin sa kapahamakan ang pamilya naming pareho. Pero ako mismo ay walang tiwala sa inaasahan ko. Hindi ko alam kung nasaan si Taguro. At mas lalong hindi ko alam kung may darating na Taguro.

"Tumayo ka!" sigaw ni Lovemir at sa gulat ko ay kusang kumilos ang kaliwang binti ko.

Sumubok akong tumayo. Bumangon agad si mommy para umalalay sa 'kin. Hinawakan niya ako sa siko at tinulungang makatayo.

"Please--!" Hindi na nagawang ipagpatuloy ni mommy ang pagsigaw niya ng pagmamakaawa.

Walang-habas na hinila ni Lovemir ang braso ko mula sa kaniya at halos baliin iyon papunta sa likuran ko. Hindi ko na nagawang sumigaw at magreklamo sa sakit. Dahil ang sakit na iyon sa dibdib ko ay masyado nang matindi para maramdaman ko ang iba pa.

"Saan mo siya dadalhin, Lovemir!" sigaw ni Parrot.

At napasigaw ang lahat nang muli ay biglang iputok ni Lovemir ang hawak na baril sa gawi niya. Awtomatiko akong napalingon sa gawi ni Parrot. Nakaupo na sa sahig si Parrot, naiiyak sa takot habang nakatingala kay Lovemir. Gulat na gulat at hindi makapaniwala.

"Ano ba ang nangyayari sa 'yo, Lovemir? Tigilan ninyo na 'to," nanginginig sa takot ang mga labi ni Parrot. **"Magkaibigan tayo, 'di ba? Kaibigan mo si Maxpein, Lovemir!"**

Pero hindi naman na nagawang sumagot ni Lovemir dahil nangibabaw ang pagsigaw ni Eerah Anitha. Nang malingunan namin siya ay nakahawak na siya sa sentido at galit na nakatingin sa kaharap niya. Paniguradong may ginawa si Yaz sa kaniya, at nasaktan siya. Galit na galit si Yaz at nilalabanan ang mga titig ni Eerah Anitha. Handang-handa sa pagsugod hawak ang kaniyang espada.

Bumuntong-hininga si Lovemir saka hinila ang buhok ko dahilan para mapatingala ako. Halos mabulunan ako nang ipasok niya ang bibig ng baril sa bibig ko at saka idiniin nang idiniin doon. Napapiglas ako. Lalo akong nahirapang huminga! Pero mas hinigpitan niya ang pagkakakapit sa 'kin kaya wala akong nagawa kundi ang makisama.

"Gusto mo bang madamay?" tanong ni Lovemir kay Yaz. **"Hintayin mong dayuhin namin ang pamilya mo sa Cebu."** Natauhan si Yaz at kahit galit ay hindi na nagawang kumilos, tumitig na lang sa kanila. **"Let's go, they're waiting."**

Nakita ko pa nang sipain ni Eerah Anitha sa mukha si Yaz dahilan para matumba ito papatalikod. Galit siyang nag-angat ng tingin pero hindi na rin kumilos.

"Please, where are you taking him!" habol ni mommy. **"Just leave us alone, please! Please! Chairman Rewis! Please! Ah!"**

Hindi ko na nakita kung ano man ang ginawa nila sa kay mommy ko para mapatigil siya. Pero sa pagsigaw niya sa huli ay matinding galit at pag-aalala ang naramdaman ko. Hindi ko nakita, wala akong nakita, pero alam kong meron silang ginawa sa mommy ko. Sinaktan nila siya.

Walang-awa si Lovemir. Sinipa niya ang likuran ng binti ko para pagsimulain ako sa paglalakad. Halos itulak niya ako para mas bilisan ko pa. Sinusubukan kong lingunin ang mga naiwan pero halos isampal sa 'kin ni Lovemir ang hawak na baril.

"Deib!" sigaw ni *Noona*, pero hindi na 'yon nasundan pa ng boses niya. Panay ang pagtawag ni mommy pero nagtagumpay na ang mga Rewis na

kaladkarin ako.

Minadali nila akong isakay sa sasakyan, sasakyang hindi man lang namin naramdamang tumigil sa harapan ng bahay. Itinulak talaga ako nang todo ni Lovemir kaya sumubsob ako sa gitnang upuan. Tinadyakan naman ako ni Chairman Rewis dahilan para imbes na mapaupo ay napaluhod ako papaharap sa bintana.

Hindi ko magawang magreklamo, wala pa rin yata akong magagawa kahit pa mag-agaw-buhay ako. Mananatili akong mahina gaya nang sinabi ni Lovemir. Dahil sa pagkakataon na 'yon ay ang dibdib ko ang nagdedesisyon para sa 'kin. Inaalipin ako nito at wala akong magawa kundi ang sumunod. Kaunti na lang ay gusto ko nang hilingin na sana ay matuluyan na lang ako. Sana ay malagutan na nga lang ako ng hininga. Dahil ang pakiramdam na 'yon ay walang katulad. Sobrang sakit na gugustuhin mong magpahinga na lang kesa namnamin.

"Natatandaan mo ba 'yong unang beses na nakita mo ako, Lohr?" tanong ni Eerah Anitha. **"I do."**

Matagal na katahimikan ang nangibabaw. Hindi ko magawang sumagot, ni hindi ko nagawang tingnan siya/ Dahil patuloy kong iniinda ang dibdib ko. Kung pwede lang na magpaikot-ikot ako sa upuan ng sasakyan na 'yon, o kung pwede lang na mahiga ako sa likuran, baka ginawa ko na para lang maibsan ang sakit. Gusto kong mawala ang sakit pero ipinagmamakaawa kong kahit mabawasan man lang. Sa sandaling iyon ay handa akong gawin lahat para mawala 'yon sa dibdib ko.

"That simple look from you made my day. I was so brokenhearted, hindi ko na naiisip na may iba pang titingin sa 'kin nang may paghanga." Walang himig ng pagmamalaki sa boses niya, para lang siyang nagkukwento, pero naaasar ako.

Natatandaan ko ang sandaling 'yon na sinasabi niya. Walang espesyal sa pagtingin ko para sa 'kin, mali ang interpretasyon niya.

"Napakainosente mong tingnan nang oras na 'yon, Lohr. Hindi ko inaasahan na sa susunod nating pagkikita ay iba na ang sitwasyon. Bakit naging apo ka pa ni Chairman Enrile? Bakit kayo magkadugo?" Nilingon ako ni Eerah Anitha mula sa passenger's seat. Sinamaan ko lang siya ng tingin. **"You were never my type, Lohr. But you really are attractive. But God knows how much I wanted to kill you."**

Hindi ko man lang magawang masaktan sa sinabi niya. Doon ako nagagalit sa mga ginawa nila, hindi lang sa akin, lahat sa amin.

"Hinahanap mo na siguro si Maxpein?" Doon siya nagsimulang magtinig sarkastiko. Pero hindi ko maintindihan ang pangingilid ng mga luha niya. **"I don't care who or what she is, Lohr. Live or die."**

Nagtanong ang isip ko kung dapat na ba akong kabahan. Hindi ko makuha kung ano ang ipinupunto niya. Hinahanap ko si Taguro, at ngayon ay nag-aalala na ako sa kung anuman ang kalagayan niya.

Ang lahat ay natinag mayamaya nang mangibabaw ang sirena ng mga pulis. Nakita ko kung paanong prenteng sinulyapan ni Lovemir ang rear mirror. Hindi man lang kakitaan ng pagbabago ang reaksyon niya. Para bang isang napakalaking sagabal sa oras ng mga pulis dahil mukhang kami talaga ang sinusundan.

Bahagyang kumalma ang kaba ko, pakiramdam ko ay 'yon na ang sagot sa sandaling paghihirap ko. Pakiramdam ko ay maliligtas na ako, maliligtas kaming pare-pareho.

Inihinto ni Lovemir ang sasakyan at mayamaya lang ay may narinig na akong pagkatok sa bintana. **"May problema ba, chief?"** tanong ni Lovemir.

"Napansin naming mabilis kayong magpatakbo," anang pulis.

"Nagmamadali kami," parang natatawa ang tinig ni Lovemir. **"Hindi magugustuhan ng mga Moon kung magpapahintay kami."**

Bahagyang nanlaki ang mga mata ko saka nangunot ang noo ko. Hindi ko makuha kung bakit gano'n ang kasinungalingang sinabi ni Lovemir.

Gusto kong maawa sa sarili ko. Dahil sinisikap kong kumilos, maupo nang ayos, tumayo, para lang makita ako ng pulis. Pero wala. Nakita nila ako pero wala silang ginawa. Pinagmasdan nila ako pero wala man lang akong nabasa sa mga mata nila maski kaunting awa. Wala.

Nagpaalam si Lovemir at matapos tapikin ng pulis ang bubong ng sasakyan ay umandar na naman ang sasakyan. Pakiramdam ko ay bumagsak ang sistema ko. Lalong tumindi ang sakit sa dibdib na iniinda ko.

Hindi naging matagal ang byahe, gano'n kabilis ang pagmamaneho ni Lovemir. Hindi man lang din nabawasan ang sakit sa dibdib ko nang huminto ang sasakyan at sapilitan nila akong ibaba. Hinila ako ni Chairman Rewis papalabas ng sasakyan at basta na lang ako inihambala sa lupa. Naiangat ko ang paningin ko saka iginala ang mga mata sa lugar.

"This place is disgusting," ani Eerah Anitha. **"It looks awful."**

May dalawang magkaharap na gusali ngayon sa harapan ko. Bawat isang gusali ay may apat na palapag. Pareho ang istruktura pero magkaiba ng

kulay. Maraming pinto, sa tingin ko ay mga kwarto. Hindi na ako magtataka kung sasabihin nilang apartments ang mga iyon. Nakakatakot ang lugar. Magulo, marumi at may kadiliman. Walang silbi ang mga poste sa magkabilang kanto dahil kukurap-kurap ang napupundi nitong ilaw. Nagkalat ang basura at ilang gamit sa labas.

Tama ang sinabi ni Eerah Anitha, hindi maayos ang lugar na iyon. Hindi maganda ang amoy, mapanghi at masangsang. At sa ilang dipang layo namin sa gusali ay maaamoy ang nangangalingasaw na usok at kung anong likidong pinaghalo-halo.

May mga sasakyan sa labas, karamihan ay mukhang luma. Ngunit walang makikitang tao maliban sa 'min. Tahimik din ang buong paligid, pero may mararamdaman mga matang nakamasid.

"Dito ba talaga tayo pinapupunta ni Mr. Wood?" hindi mawala ang pangit na tono ni Eerah Anitha.

Napaluhod ako matapos akong hilahin ni Lovemir. Hindi ko kinayang tumayo nang mag-isa. May sumalubong sa aming dalawang lalaki, isa ro'n ang tumulong kay Lovemir para kaladkarin ako. Napaluhod ang pareho kong tuhod, hindi ko magawang paglakarin ang sarili ko. Dahil do'n ay halos hilahin nila papunta sa magkaibang gawi ang braso ko para lang makakilos ako. Sa loob-loob ko ay umiiyak na ako sa sobrang sakit.

"Tatawagan ko si Wood," ani Lovemir saka naglakad papalayo.

Ipinasok nila ako sa kaliwang gusali. Mukhang abandonado ang buong lugar dahil sa sobrang tahimik. Maraming daan sa labas at kalsadang may katamtaman lang ang laki, pero bakante ang mga lupa sa paligid ng dalawang gusali. May mga punong nakakalbo na, hindi magkakatabi at iilan lang. Hindi iyon nalalayo sa lugar ni Mr. Wood. Pero nasisiguro kong hindi iyon ang lugar na 'to.

"Nasaan na sila Wood?" tanong ni Eerah Anitha, nangunguna sa pagpasok.

"Sa tingin ko ay paparating na sila," tahimik na sagot ng isa sa mga kasamahan nila.

Pabato akong iniupo sa malamig na semento nina Lovemir at ng tauhan nila. Parang ipinosas sa likuran ang mga kamay ko, hindi ko agad nagawang bawiin ang mga 'yon papunta sa harapan ko. Naging mabagal ang mga pagkilos ko para magawa ko uling hawakan ang dibdib ko.

"Ano ang balak ninyo sa lalaking ito?" tanong ng isa sa mga tauhan.

Kusang gumalaw ang mga mata ko at gano'n na lang ang gulat ko nang makita ko si Maxwell! Siya ang tinutukoy ng tauhan. Nakasandal siya sa dalawang malalaking drums at walang malay. Nakaupo, nakapikit, marungis tingnan at halos mapuno ng mantsa ng dugo ang damit. Ang isang kamay niya ay nakalupaypay sa kaniyang hita, halatang napagod na sa paghawak kung nasaan man ang sugat. Ang isa pa niyang kamay ay basta na lang nakalapag sa kaniyang tabi. Bakas sa mukha niya ang pinagdaanang sakit at hirap.

Sa kabila ng masakit kong dibdib ay para akong nabuhayan ng galit. Nagawa kong kumilos, at mabagal man ay gumapang ako papunta sa gawi niya. Habang tahimik na nagtatalo sa pag-uusap ang mga demonyong Rewis ay tahimik akong kumilos. Kailangan kong gisingin si Maxwell, kailangan kong masigurong magigising pa siya.

Gusto kong maiyak sa sitwasyon. Pinanghihinaan na agad ako ng loob. Kinakapos ako ng hininga, parang nilalatigo ang puso ko sa sobrang sakit. Pero kailangan kong lumaban, kailangan kong manatiling gising para makatulong. Sa gano'ng paraan na lang ako may magagawa sa ngayon.

Hindi ko na malaman kung ano ang iisipin o mararamdaman ko. Gusto ko nang sumuko pero kusang lumalaban ang katawan ko. Parang napakalayo ko na sa katotohanang nangyayari kanina. Hindi ko na maipaliwanag kung saan na ba 'to mapupunta.

Pero gano'n na lang ang gulat ko nang mag-angat ako ng tingin ay nakamulat na si Maxwell at deretsong nakatingin sa akin. Walang emosyon ngunit salubong ang dalawang kilay. Umiling siya ng dalawang beses, pinahihinto ako sa paglapit, at saka muling pumikit.

Hindi ko iyon maintindihan. Pinag-isipan ko pa kung lalapit pa ba ako o hihinto na. Mas pinili kong huminto at manatili kung saan ako nakadapa.

"May mga tao na ipinatawag si Mr. Wood," dinig kong anang tauhan. Napaikot ako sa sahig nang bigla ay kumalabog ang puso ko. **"Kailangan nating masiguro na hindi nila tayo gagalawin."**

"Wala na tayong kakampi rito," sagot ni Chairman Rewis. **"Tayo-tayo na lang ang magkakasama sa laban na ito. Sina Mr. Wood at kung sino pang mga kasama niya ay labas na. Ang gulo nila sa mga Moon ay sasakyan at gagamitin na lang natin. Kung kinakailangang patayin ninyo rin sila ay gawin niyo na. Para maubos at mahinto na ang problema."**

"Masusunod." Nakita kong ngumisi ang tauhan na bigla akong sinulyapan. Nginisihan niya ako saka ibinato sa 'kin ang ubos niya nang sigarilyo. Umilag ako bago pa man tumama iyon sa mukha ko.

"Paano ang pamilya nito?" itinuro ako ng isa pang tauhan.

Nakangisi akong tiningnan ni Chairman Rewis. **"Nagtatawag na siguro ng pulis ang mga iyon."** Nakangisi iyong sinabi ng tauhan.

Umiling si Chairman Rewis saka nakangising ngumiwi. **"May nakasalubong kaming ilang parak kanina, matindi talaga ang mga Moon."**

Natawa silang pareho. **"Sa mga taong naglalagay ng pera sa mga parak na walang laman ang mesa, 'wag ka nang umasa."** Sinabi iyon ng tauhan habang nakatingin sa mga mata ko.

Napapikit na lang ako. Kahit na ano ang sabihin nila ay hindi magbago-bago ang nararamdaman ko. Masakit pa rin ang dibdib ko. Maski ang murahin sila sa isip ay hindi ko magawa ngayon.

"Nasaan ang mga kaibigan na ipinagmamalaki ni Wood?" tanong ni Chairman. Hindi sumagot ang mga tauhan.

"Nandiyan na ang mga tao sa labas." Nagmamadaling maglakad papasok si Lovemir. Humilera siya sa kaniyang ama papatalikod sa akin, saka humarap sa daan na pinasukan namin.

Ang daan papasok sa lugar na 'yon ay apat ng pinto ang laki. Malaki at mataas ang abandonadong parte ng lugar na 'yon. Parang parte ng gusaling itinayo pero di tinapos kaya hindi nabuo. Makalat din at may pinaghalong mapanghi at malansa ang amoy. Nagkalat ang mga bakal at kahoy. Maraming malalaking drums at makina na mukhang luma, hindi malaman kung gumagana pa.

Napasinghap ako matapos makita ang bilang ng mga lalaking naglalakad papasok sa lugar na 'yon. Karamihan ay halos pormal ang mga suot at wala sa hitsura ang salitang nakakatakot. Karamihan ay may edad na ang hitsura, karamihan din ay mga nakasuot ng kulay tsokolateng sombrero. Ang tanging bagay na nagbibigay misteryo ay ang paraan nila ng pagtingin at hinihipak na sigarilyo.

Agad na inilahad ni Chairman Rewis ang kamay niya sa nangunguna at may pinakamahabang buhok na lalaki. Lampas sa balikat ang buhok nito, matangkad, malaki ang pangangatawan, kayumanggi ang kulay, may balbas-sarado, makapal ang bigote na halos itago ang mga labing may hinihipak na sigarilyo.

Pero hindi man lang nagbago ang hitsura nito matapos sulyapan ang nakalahad pa ring kamay ng Chairman. At imbes na tanggapin ang pakikipagkamay ay tinalikuran siya nito. Nabastusan si Chairman Rewis pero matapos matigilan ay napangisi na lang ito at iiling-iling na namewang.

"Binulabog ninyo kami," anang ginoo na may mahabang buhok, na siyang nangunguna sa kararating lang na grupo. **"May ideya ka na siguro sa halaga ng oras ko?"** hinipak nito ang sigarilyo habang may usok na lumalabas sa ilong.

"Name your price," ani Chairman Rewis. Gusto kong matawa dahil alam kong dugo na lang ang isinusuka ng mga bulsa nila.

Tumango ang lalaki saka pinag-aralan ang kabuuan ng senyor. **"Hindi halata sa iyo na marami kang pera."** Naglakad-lakad ito sa palibot ni Chairman Rewis. Natigilan lang siya matapos akong makita.

Gusto kong tingalain si Maxwell, para tingnan ang lagay niya. Sa isip ko ay hinihiling kong sana ay hindi siya nakikita ng mga lalaking ito na bagong dating. Pero kahit pa may nakaharang na drum sa tabi niya, ang mga paa niya ay siguradong nakikita nila.

Sinulyapan ng ginoo ang gawi ni Maxwell, nasisiguro kong hindi niya ito nakita sa mukha. Agad kasi niyang ibinaling ang paningin sa 'kin at nanliliit ang mga matang humipak sa sigarilyo. Tumango-tango ang lalaki saka muling sinulyapan si Chairman Rewis. Tinapunan niya ulit ako ng tingin bago naglakad papunta sa harapan, patalikod sa akin.

"Ngayon lang ako nakakita ng taong ipinambabayad sa negosyo." Tumawa ang isa pang lalaki na naro'n sa kararating lang na grupo. **"Mukha ba kamig nagbebenta ng lamanloob?"** Nagsipagtawanan ang lahat sa grupo. **"Mukhang magulo ito."**

"So what's the deal?" tanong ng nangungunang ginoo.

Tumaas ang kilay ni Lovemir. **"Deal?"**

Humalakhak ang ginoo. **"Yes. I am a businessman. I'm here, so there has to be a deal. And I want to know now what you can offer me."**

Hindi nakasagot si Lovemir. Napalingon siya kina Eerah Anitha at Chairman Rewis, naghihintay ng sagot. Saka siya natutulirong tumingin ulit sa kausap na ginoo. Na noon ay nakangisi na at parang mapapahalakhak pa sa hitsura ng kaharap niya.

Nagpaikot-ikot ang ginoo kay Lovemir. Tinitingnan nito ang kabuuan niya. Nagsalita lang ito matapos huminto sa mismong harapan niya. **"Mas**

mahalaga ang oras ko kaysa pera," aniya habang kinukutkot ang kuko. **"Ang pera ay pwede kong kitain anumang oras. Pero ang oras ko ay hindi na maibabalik gamit ang pera, kung may ibabayad ka man. Ano ang maiaalok ninyo sa akin?"**

Hindi pa rin nakasagot ang mga Rewis kaya humahalakhak na tumalikod ang ginoo sa kanila. Lumapit ito sa isa sa mga kasamahan at sumindi ng sigarilyo. Humithit ito nang may nanliliit na mga mata habang nakatingin sa kaharap. Pinag-aaralan ang tindig ng bawat isa sa kanila.

"You can't expect to hit the jackpot without putting a few nickels in the machine." Sinabi iyon ng ginoo habang pinapanood kung saan pumupunta ang usok ng sariling sigarilyo. **"Hindi ako pumapatay ng taong walang personal na kaso sa akin. Kung negosyo, marami akong tao. Sila ang gumagawa niyon para sa akin. Ang trabaho ko ay magbilang at magwaldas ng kita."** Sumeryoso ang ginoo. **"At hindi dapat kayo pumupunta sa isang lugar na wala kayong kakilala maski na isa."** Ngumisi ang ginoo. **"We're not friends, and I have no more space for enemies. What's the deal?"** Ipinakita nito ang unti-unting pagkaubos ng pasensya.

"Ang oras ninyo," nangibabaw ang tinig ni Chairman Rewis. **"Babayaran ko ang oras ninyo."**

"Sa anong dahilan ko tatanggapin ang pera mo?"

"Papatayin ninyo ang mga taong humahabol sa akin."

"Nasaan?" nakangising lumingon sa pintuan ang ginoo. Wala sa sarili namang nagsipagtinginan doon ang lahat, maging ako. Pero humalakhak sa huli ang ginoo nang wala namang makitang pagbabago. **"Namamalik-mata ka lang yata, kaya akala mo ay humahabol sa iyo? Ginoo,"** nagpalakad-lakad ito sa harap ni Chairman Rewis. **"Hindi kami trabahante na pwede mong tapikin sa balikat at basta na lang utusan."**

Natigilan si Chairman Rewis. **"Iyon ay sapagkat naisip kong may kasunduan na kayo ni Mr. Wood."**

"Oo," itinuro pa ng ginoo ang senyor. **"Ang sabi niya ay kailangan niya ng tulong namin. Kapatid sa kapatid. Hindi ikaw ang humingi ng tulong. At mas lalong hindi ka namin kapatid. Iyon ang hindi namin maintindihan."**

"Kasama ko si Mr. Wood. Ang humahabol sa akin ay siya ring humahabol sa kaniya. Ang tulong na inihihingi niya ay siya ring tulong

na inihihingi ko." Halatang gustong magalit ni Chairman Rewis pero wala siya maski katiting na karapatan.

Sandaling tumitig ang ginoo sa senyor saka nilingon ang mga kasamahan. May ilang saglit itong nag-isip saka muling bumaling kay Chairman Rewis. **"Kung gano'n,"** kumalabog ang dibdib ko nang tingnan ako ng ginoo. **"Anong klase ng tulong ang kailangan mo?"**

Sandaling natigilan si Chairman Rewis bago tuluyang bumalatay ang tagumpay sa mukha niya. Maging sina Lovemir at Eerah Anitha ay nabuhayan at nakahinga. Habang ako, parang unti-unting hinihiwalayan ng kaluluwa.

"Buhay, kapalit nang malaking halaga. Iyon lang." Naniniguro ang nakakalokong ngisi at tono ni Chairman Rewis.

Nakangiwing tumango ang ginoo. **"Ngunit bago iyon, pwede ko bang malaman kung bakit ganitong karaming tao ang kakailanganin mo? Sa paniniwala ko ay iisa lang si Kamatayan, pero bakit mukhang ganoon karami ang humahabol sa iyo?"** Humalakhak ito sa huli.

Ngumisi si Chairman Rewis saka sumeryoso. **"Dahil hindi biro ang kakayahan ng mga taong humahabol sa akin, maski si Kamatayan, tatakbo."**

Sumeryoso rin ang ginoo. Nangunot ang noo saka itinapon ang katatapos lang hithiting sigarilyo. **"Tingnan natin,"** aniya saka sinenyasan ang mga tauhan. Isa-isang nagsipaglakaran papalabas sa lugar na iyon ang grupo.

Sandaling pinanood ng mga Rewis ang pag-alis ng grupo saka sila nagharap-harap. Pare-pareho silang natihimik, para bang malalim ang kanilang iniisip. Sa halip naman na panoorin sila ay nilingon ko na lang ulit si Maxwell. At gano'n na lang ulit ang gulat ko matapos kong makitang nakamulat siya.

"Maxwell..," mahinang sambit ko.

Hindi na maipinta ang mukha niya dahil marahil sa sakit na iniindang gaya ko. Hindi ko alam kung sino sa amin ang lamang ang nararamdamang sakit, pero hindi na iyon ang mahalaga. Pareho kaming nasa panganib, iyon lang ang alam ko.

Kumilos siya, may binubunot sa bulsa. Natuon sa kamay niya ang paningin ko. Sa sandaling 'yon ay may kung anong pag-asa na nabuhay sa 'kin. Sandali ko ring nakalimutan ang pakiramdam, para bang namanhid ako sa bawat segundong pumapatak nang oras na 'yon.

May inilabas siyang bagay mula sa bulsa. Hindi ko makita kung ano pero nasisiguro kong meron dahil may kalansing akong naririnig. Mayamaya pa ay ibinato niya 'yon sa gawi ko nang hirap na hirap, hinang-hina. Ngunit hindi 'yon umabot sa abot-kamay kong pwesto. Kinailangan ko pang gumapang ulit para makuha ang ibinato niyang foil.

Binigyan ko siya nang nagtatanong na tingin. *Ano 'to?* Nakuha niya 'yon at sumenyas na kunin ko gamit ang pagtango. Para akong bata na hindi malaman kung paano iyong bubuksan. Hindi ko magawang ilapit sa bibig ang kamay ko. Napakahirap! At nang magawa ko namang buksan 'yon ay gano'n na lang kabilis ang paghinga ko. Bumagsak ang ulo ko matapos kong lulunin ang gamot na ibinigay ni Maxwell. Nang tingnan ko siya ay walang nagbago sa kaniyang hitsura, nahihirapan, may iniindang sakit, pero nananatiling blangko ang ekspresyon. Bagay na hanggang ngayon ay hindi ko alam kung paano nilang nagagawang magkakapatid.

"Bakit...hindi ka lumaban sa kanila, Maxwell?" Matagal bago ko natapos ang tanong, hirap na hirap akong magsalita. Kung pwede lang sanang sa isip na lang kami mag-usap ay kanina ko pa iyon ginawa.

"Hindi ako..." Nagkamali ako nang isipin kong nahihirapan ako. Dahil sa lagay ni Maxwell, iyon pa lang ang sinasabi niya ay parang bibigay na ang buong katawan niya. **"Hindi ako sinanay...sa ganitong bagay."** Pumikit siya nang napakadiin matapos sabihin 'yon. Pikit na para bang may naramdamang matinding kirot.

"Ano ang ginawa nila sa 'yo?" hindi nawala ang pag-aalala ko.

Inalis niya ang pagkakatakip sa parteng iyon ng katawan niyang may tama. Hindi niya sinabi at sa halip ay isinenyas na nabaril siya. Kumuyom ang palad ko, walang kasinsama ang mga Rewis. Hindi man lang sila nagdadalawang-isip na pumaslang.

Pero hindi ko naiwasang maalalang nakapatay si Maxpein. Hindi ko malaman kung kaya ko bang isipin na wala siyang pinagkaiba sa kanila. Pero sa huli, naisip ko kung ilang beses siyang nagbigay ng pagkakataon. Gano'n na nga siguro ang pagkatao ni Taguro. Palalampasin ang anumang kamaliang ginawa ng isang tao sa kaniya. Pero oras na mapuno siya, siya 'yong mga tipong hindi na nagbabanta, agad na lang ginagawa.

"Si Maxpein," muling nagsalita si Maxwell. **"Siya ang sinanay...hindi lang sa ganitong bagay."** Muli siyang napakislot sa sakit. Ang kaibahan lang no'n sa kanina ay nakangisi na siya.

Napakilos ako. Itinago ko ang kamay ko kung nasa'n ang foil ng gamot nang maglakad papunta sa gawi ko si Lovemir. Palihim ko muling sinulyapan si Maxwell at nakapikit na siya.

"T-Teka!" sigaw ko nang bigla niya akong hilahin papatayo. 'Ayun na naman ang gumagapang at nanunuot na sakit! **"Sa'n niyo 'ko dadalhin!"** hirap na hirap kong sigaw.

Pero hindi ako nakatanggap ng sagot mula kay Lovemir. Kinaladkad niya ako at pilit na pinupwersa ang katawan kong sumunod sa t'wing magpupumiglas ako. Nararamdaman ko ang galit niya batay sa pagkakahawak niya sa braso ko. Gusto kong manlaban, pero 'ayun lang talaga ako, hanggang gano'n lang. Gaya nang sinabi ni Lovemir, gaya nang paulit-ulit kong naisip kanina.

Sa inis ni Lovemir ay sinenyasan niya ang tauhang tulungan siya na kaladkarin ako. Maging sa hagdan ay kinaladkad nila akong parang basura. Sa t'wing tatama ang dibdib ko sa palapag ay hindi ko maiwasang mapasigaw. Sobrang sakit, nadaragdagan pa.

Pabato niya akong binitiwan, humampas ang likod ko sa kung anong bakal na nasa likuran. Napabaluktot ako nang nakapikit dahil sa sakit, hindi ko na malaman kung saang parte pa. Lahat ay masakit na. Maging ang sarili kong dugo ay nalalasahan ko na.

Nang magmulat ako ay bumungad sa 'kin ang galit na mukha ni Lovemir. **"Anong pakiramdam?"** gigil niyang tanong saka tumayo at sinipa ako sa dibdib. **"Sabihin mo, anong pakiramdam!"** sigaw niya at akmang muling sisipa pero sinangga ko na ang paa niya.

Minura ko si Lovemir gamit ang pinakamasamang murang nalalaman ko. **"Duwag ka, gago!"** sigaw ko habang naghahabol ng hininga. Gusto kong tumayo para labanan siya, pero ang katawan ko mismo ang nagpapahirap sa 'kin.

"Lahat ng tao ay naduduwag sa t'wing may makakaharap na mas malakas, Deib Lohr. At hindi ako natatakot maging duwag. Lumaban ka!" hamon niya saka matagumpay na naman akong sinipa.

May kasama nang dugo ang pag-ubo ko. Lalo akong naliyo. Humiga ako nang nasa dibdib ang isang kamay at ang mga mata ay tutok lang sa yero na ilang talampakan ang layo sa 'kin. Naririnig ko ang kaluskusan, malakas man o mahina. Ang boses at salita ni Lovemir ay parang sirang plaka na naging mabagal at sobrang laki sa aking tainga, hindi ko maunawaan.

"Traydor ka...Lovemir..." Mahina at marahang sabi ko, sobrang bagal na para bang bawat letra ay sinabi ko.

Humalakhak siya, halakhak na nakapagpabingi sa pandinig ko. **"Iyang sakit mo ang traydor. Nasa loob ng katawan mo ang traydor, Deib Lohr."**

Paulit-ulit kong ibinaling sa kaliwa't kanan ang ulo ko, gusto kong mawala ang aking hilo. Pero hindi 'yon nangyayari. Naramdaman ko na lang nang may dumampot sa isang kamay ko, kasunod ang isa pa, saka iyon itinali. Napaingit ako sa sakit dahil sa sobrang higpit. Nagsipaglagutukan ang mga buto ko nang biglang umangat ang buo kong katawan.

"Ano kaya ang mararamdaman ni Maxpein kapag nakita kang ganiyan?" tanong ni Lovemir.

Dahan-dahan kong iminulat ang mga mata ko. 'Ayun siya at nakahalukipkip sa harap ko. Halos nasa dibdib ko ang taas niya, gano'n kataas ang pagkakasabit nila sa 'kin. Masakit 'yon sa kamay, parang hinihiwa ang pulsuhan ko.

"Gusto kong makita kung paano siyang magalit," aniya na biglang sumeryoso. **"'Yong galit na galit na magagawa niyang pumatay ulit."** Saka napalitan ng galit ang kaniyang hitsura.

Hindi ko malaman kung anong mararamdaman ko. May parte sa kalooban kong gusto ring masaksihan ang sinasabi niya. Pero lamang sa kalooban ko tumatanggi dahil alam ko kung ano ang kahihinatnan niya.

Mas gugustuhin ko nang hindi makita ang tunay na kakayahan niya, mas gugustuhin ko nang hindi malaman ang buong pagkatao niya. Basta makasama ko siya habang-buhay. Ngayong mas posible nang masaksihan ko ang abilidad ni Taguro, naduduwag ako. Ang kaninang lakas ng loob ko ay nawalang bigla. Natatakot ako sa posibleng mangyari kay Taguro, natatakot akong mangyari ang sinabi ni Heurt. Ayaw kong mangyari ang kaparusahan sa pagpatay na ginawa niya.

Mukhang may gusto pang sabihin sa 'kin si Lovemir. Pero naagaw na ng kababalik lang na grupo ang atensyon niya. Dumugaw siya sa pasilyo at tinanaw ang mga ito. Hindi kalayuan ang mga 'yon sa pwesto namin. Pero dahil madilim sa gawing iyon sa 'taas, hindi malabong hindi nila kami makita.

Gusto kong manlumo matapos makita kung gaano kahahaba ang mga armas na dala nila. Kung bitbitin ng mga ito iyon ay para bang walang halaga. Malayo ro'n sa grupo ng gangsters na nakaharap namin noon. Panay

kahoy at baston lang naman ang dala, ipinagmamalaki pa. Ang grupo ng kalalakihang ito ngayon sa harap namin ay tahimik, walang halong yabang ang mga salita bagaman malaman. At nasisiguro kong magagawa nga nila anuman ang sabihin.

"Ano kaya ang mangyayari ngayong gabi?" muling bumaling papaharap sa 'kin si Lovemir. **"It'll be a very long night."**

Biglang nangibabaw ang ingay nang animong naghahabulang sasakyan, dahilan para matuon lalo sa labas ang atensyon ng lahat. Akala mo may mga kotse at motor na nagkakarera, napakaingay ng mga gulong nila.

Napatitig agad ako sa daan papasok. Sa ilang metrong layo ko ro'n ay para bang nagkaro'n ng mataas na grado ang mga mata ko para makita nang malapitan ang daan. Pakiramdam ko ay isa na ro'n si Taguro. Malakas ang pakiramdam at kutob ko, at nasisiguro ko ring hindi ako mabibigo.

Taguro...

Biglang bumilis ang tibok ng puso ko, dumaragdag sa sakit na sandali kong nakalimutan matapos kong maramdaman ang paparating nang si Taguro. Pero ang pagbilis na iyon sa tibok ng puso ko ay hindi nagbibigay sa 'kin ng pag-asa. Dahil ang kaba na 'yon ay iba ang idinudulot. Imbes na lumakas ang loob ko ay nakaramdam ako ng takot.

Dahil kung darating man si Taguro sa sandaling ito, sa ganito karaming tao at tensyonadong sitwasyon, nasisiguro kong magliliyab ang gulo.

Gusto kong makita kung paano kang lumaban, Taguro. Gusto kong ipakita mo sa 'kin kung paano kang lumaban. Gustong-gusto kong ipakilala mo sa 'kin ang sarili mo. Pero natatakot ako sa posibleng mangyari sa 'yo. Hindi ko kakayanin, ngayon pa lang ay sinasabi ko na.

Hindi ko malaman kung tama ang laman ng isip ko. Pero iyon talaga ang naisip ko. Iyon ang gusto kong makita.

Pero sa puso ko, hinihiling kong sana ay walang mangyaring masama sa kaniya. O sa kahit na sinong mahal niya.

"Babayaran ko anumang trabaho ang gawin mo sa araw na ito, ikaw ang magbigay ng presyo." Naniniguro ang malakas na boses ni Chairman Rewis. **"Patayin mo ang mga taong ituturo ko sa iyo, pati na rin ang mga nasa likuran ko."**

Nakangising nag-angat ng noo ang ginoo matapos lumingon sa kaniya. **"Limandaang libo bawat isang ulo."**

"Kung gano'n, kasunduan na ito." Naglahad ng kamay si Chairman Rewis at tinanggap naman iyon ng ginoo.

Sana magkaro'n ng milagro at matapos na lang ang lahat ng 'to...

MAX'S POV

HALOS SUMAYAD sa semento ang tuhod ko nang kabigin ko papaliko ang manibela ng motor ko. Dahil sa lintik na kasusunod sa sasakyang minamaneho ni Taylor. Hindi ko maintindihan kung bakit para sa akin ay iyon na ang pinakamabilis na motor, pero dahil marahil sa galit ko ay hindi kami magpang-abot. Nauunahan nila ako. Ipinapahiya ako ng motor ko.

Sinulyapan ko sa salamin ang mga kasamahan ko sa likuran. Nandoon si Maxrill. At sa t'wing maiisip ko kung nasaan si Maxwell ay gusto kong pasabugin ang sasakyan sa harapan. Wala na akong pakialam sa kung ano ang kalalabasan ng bawat kilos ko.

Dumako sa sasakyang nasa harapan ang paningin ko nang makita kong sumilip si Wood doon. Nakangisi niyang isinenyas sa 'kin ang hawak na telepono. Sa gano'ng paraan niya sinasabing sagutin ko ang tawag niya.

Hinigpitan ko ang pagkakahawak sa manibela saka ko binunot ang telepono ko sa bulsa. Sinagot ko ang tawag nang hindi nagsasalita.

"Meron akong maliit na sorpresa," ani Wood saka niya ibinaba.

Nasisiguro kong may ibig siyang sabihin at delikado 'yon. Napaisip ako pero hindi ko makuha. Nangunot ang noo ko matapos masulyapan ang tinutumbok ng daang 'yon. May madilim na gusali akong natatanaw, mapanglaw ang ilaw kaya hindi ko makita nang ayos ang buong lugar. Malayo pa lang ay naaaninag ko na ang kapahamakan. Hindi ko alam kung bakit bigla akong kinabahan. Sa isang senyas ko sa likuran ay nahinto ang putukan.

Muli kong kinabig ang manibela at pinaharurot iyon pasunod sa sasakyan nina Wood. Hindi nagliyab o nag-usok man lang ang gulong, pero ang galit ko sa buong katawan, iyon ang umuusok at unti-unting nagliliyab.

Narinig ko agad ang pagsunod nina Heurt sa 'kin, nasisiguro kong hindi nila ako magagawang sabayan ngayon. Iyon na ang pinakamagandang dahilan kung bakit mahal na mahal ko ang motor ko. Sa ilang kilometrong layo nina Wood ay nagawa ko silang sabayan sa likuran.

Sumilip si Wood nang nakangisi kaya pinasilip ko rin ang nguso ng hinugot kong baril. Bago pa makislapan ng liwanag ang maputi niyang ngipin ay pinapatukan ko na siya!

"Ay, anak ng tupa ka, Maxpein!" dinig na dinig ko ang sigaw ni Wood matapos niyang ipasok muli ang nakadungaw niyang ulo. Ang side mirror ang tinamaan ko at sa sobrang lupit ng bala ng baril ko ay nabali iyon nang

pinong-pino. Perpekto ang pagkakakalas at walang iniwang bakas. Para bang dinesenyo ang sasakyang iyon nang iisa lang ang side mirror.

Mas pinaharurot nila ang sasakyan papalayo sa 'kin. Nagwawala na ang sistema ko sa galit. Nangangati ang palad kong sundan sila. Pero ang espesyal kong enerhiya ay ginamit kong pampakalma para mapakiharapan pa sila nang tama.

Pinaharurot ko ang motor hanggang sa maabutan ko ang sasakyang gamit nina Wood. Panay ang lingon ko sa gitnang bintana at sa daang tinatahak naming pareho habang kumukuha ng tiyempo. Gigil kong ginitgit ang sasakyan, gano'n kalakas ang loob ko at ganoon kalaki ang tiwala ko sa gamit na motor. At sa huli ay si Taylor ang kusang tumabi papaiwas sa akin. Pero hindi doon ako ro'n nagpatalo, dahil nang makakita ako ng pagkakataon ay buong puwersa kong siniko ang bintanang nasa tabi ni Cargosin mismo!

At hindi niya pa man nagagawang kumilos ay naitutok ko na nang deretso ang hawak na baril sa kaniya. Nadampot niya ang baril, ngunit huli na dahil hindi ako nag-alinlangang paputukan siya! Nagawa niyang umiwas pero gano'n na lang katindi ang kabang mababasa sa mukha niya.

"Bilisan mo!" sigaw ni Mr. Wood saka dumungaw sa bintana at siya namang pagbaling ko sa kaliwa para makaiwas sa akmang pagpapaputok niya. **"Bilisan mo, Taylor! Magmadali ka bago pa tayo maabutan ng isang 'to!"** sigaw niya saka muling dumungaw at sumubok na patamaan ako.

Pero kalintik-lintik ang taglay kong bilis. Hindi lang isa o dalawa ang naiwasan kong bala. Marami! Gano'n ko kasaulo ang pag-aaring motor para pakilusin iyon kung saan ko man gustuhin. Parang may sariling buhay iyon na sinusunod ang anumang nasa isip ko.

"Ideretso mo sa gusaling 'yon! Dali!" muling utos ni Mr. Wood. **"Lintik na babaeng 'to!"**

Ngayong nasisiguro ko nang doon nga ang punta nila ay hindi na ako nagpagod pa. Pwede naman kaming magpang-abot talaga, masyado lang akong nag-aalala. Dahil kapag may ginawa ako sa kanila, sa isang tawag ay pwedeng may mangyaring hindi maganda. Walang kasintagal ang paghihintay para matapos ang habulan. Napanood ko kung paanong nagmadaling bumaba sina Taylor, Cargosin at Wood sa sasakyang gamit. Basta na lang nila inihinto sa kung saan ang sasakyan nila habang kami ni Heurt ay maingat na ipinarada ang motor na gamit namin. Doon sa lugar na

kahit may ihagis akong tao papalabas ng gusaling iyon ay masisiguro kong hindi tatama sa motor ko.

Gusto kong matawa dahil habang nagkukumahog bumaba sa sasakyan ay panay ang paputok ni Wood at Cargosin. Nagsasayang sila ng bala, maski isa ay wala man lang nakalapit sa pwesto ko o sinuman sa 'min.

Nasobrahan sa kaba ang mga king ina. Tsk tsk.

Sa ilang minutong agwat ng pagdating nina Wood sa pagdating namin ay nasisiguro kong nakapuwesto na sila sa pagsalubong sa 'min.

Nagsimula kaming maglakad, nanguna kami ni Heurt. Pero halos tumalsik kaming lahat papaatras nang sa bungad ng daan ay may bombang tatlong magkakasunod na sumabog! Napagulong ako sa lakas niyon nang mawalan ako ng balanse. Habang si Heurt ay natumba papatalikod dahilan para mabahiran ng galit ang mukha.

"King ina, kararating ko lang...tsk!" bulong ko. Pinagpag ko ang mga buhangin at bato na napunta sa damit ko saka ako inis na bumangon.

Nilingon at nginiwian ako ni Heurt na para bang kasalanan ko ang pagtalsik nang gumugulong. Na para bang ako na ang may pinakapangit na pagbagsak nang dahil sa gano'ng uri ng pagsabog. Na para bang sa lahat ng oras ay kailangang matumba at madapa ako nang may angas at dignidad.

"Hintayin ninyo ang hudyat ko, bago kayo pumasok," ani Heurt sa iba pa naming kasama. Hangga't maaari ay hindi sila pwedeng sumama sa ganitong gulo. Lalo na at nandoon si Chairman Mokz at si daddy. Pero hindi rin kami pwedeng maghiwa-hiwalay ngayon lalo't nawala sa paningin ko ang Chairman ng mga Rewis.

Tumayo si Heurt saka binunot ang dalawang baril mula sa likuran. Naglakad siyang gano'n. Saka ako sinulyapan nang hindi ako sumunod. Nangunot ang noo ko habang nakangiwi. Namulsa ako saka bahagyang nakataas ang noo na lumapit sa kaniya.

"Maxpein!" tawag ni Mokz. Napapikit ako sa inis bago lumingon sa kaniya. **"We are watching. All of *us* are watching you."**

"I'm not doing anything yet, god damn it, Mokz?" nakasuko kong sabi. Pero hindi na siya sumagot. Itinuro niya lang ang mata niya saka isinenyas ang mata ko. Nilingon ko naman si Maxrill at binigyan siya ng makahulugang tingin. Tipid siyang ngumiti saka tumango sa 'kin.

Tss. Eh, di manood ka. 'Yon nga ang gusto ko. 'Yong alam kong nakapagpapasikat ako.

Nagmadali akong sumunod nang manguna sa paglalakad si Heurt. Napapailing akong ngumisi matapos kong makita na may dumi ang coat at puwetan ng pantalon niya. Napangisi ako lalo matapos pagpagin ang ilan pang alikabok sa balikat ko at kwelyo.

"Masyadong maraming mga matang nakatingin sa atin," pabulong na ani Heurt dahilan para bumalik ang katinuan ko. **"Paano mo planong tapusin ito?"**

"Malinis."

"Gaano kalinis?"

"Iyong marumi, tapos nilinisan, gano'n."

Talagang huminto siya at hinarap ako. **"Tama na ang isa, Maxpein."** Galit si Heurt.

"Ibigay lang nila sa 'kin si Maxwell, hindi na madaragdagan 'yon, Heurt." Nagtiim ang bagang ko. **"Makita ko lang ang kapatid ko, walang masasakta--"** Hindi ko nagawang tapusin ang sasabihin ko nang biglang may taong lumagapak sa harapan ko! Sandali akong napatitig sa walang-malay na tao at nag-isip kung paanong nangyari iyon. Doon ko napansin ang bagay na tumama rito.

Saka ako kunot-noong lumingon sa likuran at sinamaan ng tingin si Maxrill. Nakalapat ang parehong palad niya sa ere, sa gano'ng paraan niya ipinarating na iyon lang ang opsyon niya, saka nagkibit-balikat sa akin.

Muli kong sinulyapan ang taong nahulog sa harapan. Saka ko tiningala ang pinanggalingan niya. Masyadong mababa para ikamatay niya ang gano'ng pagbagsak. Ang bawat pana naman ni Maxrill ay ipinasadya para lang sa kaniya. Hindi iyon nakamamatay. Pero ang sinumang tamaan ay panandaliang makararamdam nang totoong sakit, gaya ng sakit na dulot ng paulit-ulit na saksak ng kutsilyo. Mawawalan ng malay ang tao dahil sa sobrang sakit at kirot na mararamdaman, hindi kakayaning tagalan ng katawan nino man.

Gawa sa isandaang maliliit na karayom ang point ng arrow. Nasa shaft naman ng arrow ang kemikal na magdudulot ng panandalian ngunit matinding sakit ng katawan.

"Kung gano'n ay hindi lang pala Rewis ang narito," ani Heurt.

"Nandito si Wood," napapairap kong sabi.

"Bukod kay Wood."

"Tayo, nandito rin tayo, Heurt."

"Pumasok na tayo," napapabuntong-hiningang aniya, nauubusan ng pasensya sa 'kin, saka muling nanguna. Masyado siyang seryoso, hindi gumagana ang makamandag na biro ko.

"Hindi kaaya-aya ang lugar na 'to, parang higit na sa isanlibo ang sindikatong pinatay dito," sabi ko. Natigilan siya pero ako naman ang nan-deadma. Nagtuloy-tuloy ako sa paglalakad nang hindi siya nililingon.

Marahan kaming pumasok ni Heurt. Kakaiba ang mararamdamang tensyon sa loob. Mas naging madilim sa paningin ang paligid dahil nag-iisa ang makalumang pendant light, kulay dilaw pa. Masakit sa mata.

Hindi kami kumilos ni Heurt. Isinilid niya sa likuran ang mga hawak na baril saka iginala ang paningin sa lugar gaya ko.

At gaya ng inaasahan ko, mayamaya lang ay may mga paa na unti-unting lumabas mula sa dilim. Dulo pa lang ng sapatos ay alam ko na kung sino ang may ari.

"Napakahirap makipaglaro sa iyo, Maxpein Moon," ani Taylor. Nakangisi ang mga labi niya pero iba ang mababasa sa kaniyang mga mata. Galit, na kulang ang dahilan. **"Makakaya mo naman palang pumatay, bakit pagkatagal-tagal ninyo pa akong ikinulong sa inyong mansyon? Napakarami mo pang ginawang pagbabanta--"**

"Nasaan ang kapatid ko?" tanong ko, seryosong-seryoso, hindi na pinatatapos ang pagkuda niya.

Tumalas ang tingin niya bagaman nakangisi pa rin. **"Naghihingalo na."** Mas ngumisi siya, napakayabang.

Nagtiim ang bagang ko saka ako tumango-tango. **"Anong gusto mo?"**

"Magkukwentuhan pa ba tayo dito?" mayabang niyang tanong. **"Bakit hindi pa natin simulan ang engkuwentro?"**

"Isipin mo na lang na ganito kabait ang Dios sa 'yo, para bigyan ka ng napakaraming buhay. Para magtino."

Humalakhak siya. **"Hindi mo naman maibibigay ang gusto ko."**

Sandaling naging tahimik ang pagitan namin nang hindi ako magsalita. Nananatili siyang sarkastiko habang ako ay nagpipigil na lang ng galit sa dibdib ko. Kayang-kaya ko siyang sugurin at itumba sa kinatatayuan niya. Ngunit pinili kong hindi iyon gawin, bilang respeto sa mga matang nakamasid sa amin.

"Anong iniisip mo?" nakangising tanong niya.

Kumislap ang mga mata ko. **"Kung ano ang mararamdaman mo kapag pinasabog ko ang dala kong granada sa bibig ng**

pinakamamahal mong asawa."

Mas mabilis pa sa hangin ang pagkawala ng malademonyo niyang ngisi. **"Tarantado ka, Maxpein,"** seryoso niyang sabi. **"Huwag mong idadamay ang pamilya ko."**

"Kung gano'n ay bakit mo idinamay ang pamilya ko?" seryosong tanong ko. Siya naman ang hindi nakasagot. Matagal siyang nakipagtitigan sa 'kin, tila nag-iisip ng sasabihin. **"Kumikilos lang naman ako kapag naduduwag kayong harapin ako. Kapag gano'n kasi ay 'yong mga taong malalapit sa 'kin ang pinupuntirya ninyo."**

"Kilos?" Nangibabaw ang isa pang tinig. Mula sa dilim ay lumabas si Chairman Rewis. **"Kilos bang matatawag iyan kung mas marami pa ang iyong idinada kaysa nagawa?"** Ngumisi siya.

Nawalan ako ng ganang makipag-asaran. Napakalakas niyang manira ng magandang huwisyo. **"Itong madadang 'to,"** itinuro ko ang sarili ko. **"Ang siya ring nagpapahaba sa buhay mo, Chairman Rewis. Mahaba ang pasensya ko sa mga tulad mong mahina. Besides, I refuse small fights with weak people; I hate to see them helpless. I can subdue you without effort, trust me."** Ako naman ang ngumisi. **"Let your wounds heal, Chairman, because you will never ever beat me."**

"That," itinuro niya ako. **"I must admit that you're really, really good."** Ngumisi siya habang nagpapalakad-lakad. **"Kaya naman nagtawag ako ng makakasama. Dahil alam kong kung ako lang at ang aking pamilya, hindi ka namin makakaya."**

Nanlisik ang mga mata ko. **"At sino naman ang tinawagan mo? Si Wood?"** dismayado kong tanong.

Napanood ko kung paanong mas lumawak ang pagkakangisi niya, nagyayabang. Wala pa mang naipapakita ay nagmamalaki na. Inilahad niya sa magkabilang tabi ang mga palad niya at saka pumitik. Pero walang nangyari.

Muling pumitik si Chairman Rewis at lumabas mula sa dilim si Eerah Anitha. Gusto kong itanong kung iyon na ba iyon. Ngunit sa hitsura pa lang ay mukhang hindi siya ang inaasahan ni Chairman Rewis, makikita ang pagkadismaya sa mukha niya. Pumitik siya nang isa pa at doon lumabas sina Lovemir kasama sina Taylor at Cargosin.

Hindi na natutuwa si Chairman Rewis. Hindi na siya pumitik pa, at sa halip ay nilingon na ang likuran niya. Doon ay lumabas ang mga tauhan nilang akala mo kung sinong matatapang e dadalawa lang naman. Gusto

kong hawakan ang tiyan ko para ipakita kung gaano ko kagustong tawanan ang pagpapakitang-gilas niya.

Naglapat ang mga labi ko sa pagkaburyo, naiinip ako. Namulsa ako, pero hindi matahimik ang pareho kong kamay sa pagtapik para lang hindi ko mabilang ang pagpatak ng segundo sa sobrang bagal niya. Pinagkrus ni Heurt ang mga braso saka taas-noong sumabay sa 'king panoorin ang palabas ng Chairman.

"Wood?" pagtawag ni Chairman Rewis. Nilingon ko ang gawing madilim sa kaliwa niya. Doon nagmula ang kaluskos na narinig ko.

Nakapamulsa ring lumabas si Wood. Hindi maipaliwanag ang reaksyon at ekspresyon sa mukha. Parang may maling nangyayari. Para bang may plano sila pero umuurong ang tumbong niya.

Tumingala ako sandali sa pendant light saka bumuntong-hininga. Hinugot ko ang baril mula sa aking likuran saka ipinantapik iyon sa ilaw. Dahilan para magmukhang akong pulis at sindikato naman sila na aking iniinteroga.

"Nasaan si Maxwell, Wood?" tanong ko. Marahang-marahang tanong ko.

"Nasaan na ang mga tao mo?" gigil ang tinig ni Chairman Rewis, idinidiin ang bawat salita sa tanong kay Wood. **"Nasaan na kayo? Heto na ang taong sinasabi ko!"**

Nangunot ang noo ko. Nagkatinginan kami ni Heurt saka muling nilingon ang mga Rewis. **"Ano ba'ng ginagawa mo?"** naiinis na tanong ko sa Chairman.

Nilingon niya ako pero hindi ako pinansin. Para siyang sirang plaka na paulit-ulit ang tanong kay Wood habang naghahanap ng kung sino sa dilim.

"Ano ba ang meron sa dilim na 'yan at hindi mo tantanan?" naiirita kong tanong. **"May mga nakakausap ka bang ikaw lang ang nakakakita?"**

Naasar na bumaling sa 'kin si Chairman Rewis. **"Malupit kang talaga, ano? Sa isang iglap, naitutumba mo ang lahat!"**

"Oh, eh, ano naman ngayon?"

"Nasaan na ang mga iyon!"

Ano ba ang sinasabi niya? Tsk! Pasinghal akong nag-iwas ng tingin saka napapangang tumingin ulit sa kaniya. **"Ayos ka rin mamintang, eh, 'no? Nakita mo nang kararating ko lang!"**

"Nasaan na ang mga tao kung gano'n!"

"Ano ang malay ko? Nasaan ang kapatid ko? Nauubos ang pasensya ko, Chairman Rewis!" Ipinangkamot ko sa sentido ang nguso ng baril saka ko iyon itinutok sa kaniya!

Nangibabaw ang malalakas na tawanan at doon ako kunot-noong nagmasid sa dilim. Ang mga matang tinutukoy ni Heurt ay paniguradong 'ayun na. Naiinis akong bumuntong-hininga saka pinanood ang paglitaw ng mga paa, unti-unting iniluluwa ang kabuuan ng katawan nila.

"Para kayong mga bata kung magtalo," anang nasa gitna at may mahabang buhok. Mukhang negosyante dahil sa suot, mukhang sanggano dahil sa hitsura.

"Sugurin ninyo ang mag-inang 'yan!" maawtoridad na utos ni Chairman Rewis.

Iritable kong iniwas ang tingin kay Chairman Rewis saka isa-isang tinapunan ng tingin ang mga taong nasa likuran niya. Hindi ko kilala ni isa sa kanila. Pero hindi na ako magtataka kung kilala nila ako, lalo na si Heurt.

Nagugulat kunyaring tumingin sa kaniya ang may mahabang buhok. **"Maghinay-hinay ka sa desisyon mo."**

"Ano pa ang ginagawa ninyo?" bulalas muli ni Chairman Rewis. **"Hayan na siya! Gawin na ninyo ang napag-usapan! Nasa labas pa ang iba! Ayaw kong may matira maski na isa sa kanila!"**

Nakangising nilingon nang pinuno ng grupo si Chairman Rewis. Ipinuwesto sa ilalim ng labi ang kaliwang kamay saka inikot-ikot ang dulo ng balbas niya. Wala itong sinabi ngunit nakakaloko ang mayamaya'y pagtawa niya. Itinuro niya kami nang nasa Chairman lang ang paningin saka muling tumawa.

"A-Ano ba ang nangyayari sa inyo? Magbabayad ako," nahihimigan na ni Chairman Rewis ang ibig sabihin ng mga iniaasta ng kaharap.

"Maghanap ka ng tao sa lalawigang ito na handang kumanti sa pamilya ng babaeng kaharap mo," anang pinuno. **"Ako ang magbabayad sa mga taong mahahanap mo, maglalagay pa ako ng pabuya sa bulsa mo."**

"A-Ano ang ibig mong sabihin?" nangangambang tanong ni Chairman Rewis.

Nakangising umiling-iling ang pinuno. **"Wood, tsk tsk tsk,"** dismayadong baling niya rito. **"Namamalikmata ka ba o nasobrahan sa droga?"** Hindi nakasagot si Wood. Bumaling naman ang pinuno kay

Chairman. **"Kung sinabi mo agad na ang mga Moon ang kasunduan,"** ngumiwi ito. **"Hindi ka sana nagkaroon ng utang."**

"Ano ang ibig mong sabihin?" nanggigigil na ang boses ni Chairman Rewis.

"Kaibigan namin ang mga iyan. Hindi kami nanganganti ng kaibigan. Nagkamali ka na ng binangga, nagkamali ka pa ng nilapitan. Pasensya na." Ngumisi ang pinuno saka pumito. **"Mauuna na kami."** Tumango ito kay Heurt saka nakangising kumindat sa 'kin. Tinapik pa nito sa Wood saka isa-isang nagsipaglakaran papunta sa labasan ng lugar na 'yon.

"Hoy!" sigaw ni Chairman Rewis. **"May usapan tayo!"**

"Meron nga, napag-usapan na natin nang tama," ngumisi ang pinuno. **"Nasabi ko na ang dapat kong sabihin. Kapag tumagal pa ako rito ng ilang mga minuto, dalawang milyon na ang utang mo."** Hindi na ito naghintay pang sumagot si Chairman. Muli silang nagpaalam saka naglakad papalayo sa lugar na 'yon.

"Wood!" sigaw ni Chairman Rewis, nilingon naman siya nito. **"Ano ang nangyayari sa iyo? Hindi ba't galit na galit ka rin sa babaeng ito?"**

Nagkibit-balikat si Mr. Wood. **"Nagalit, oo. Pero may sariling batas ang pagkakaibigan namin at 'yon ang susundin ko."**

"At...a-ano na ang mangyayari sa akin?"

"Sa iyo?" humalakhak si Mr. Wood. **"Inaasahan mo bang ako ang bubuhat sa paa ninyo? Sira-ulo! Lusutan mo ang sarili mong gulo, ukluban!"**

"Ano?" nagpipigil ng galit si Chairman Rewis.

Muling tumawa si Wood. **"Kung ako sa iyo, tanggapin mo na lang ang pagkatalo at tigilan ninyo na itong pare-pareho."**

"At sa tingin mo ay susunduin ko iyang sinasabi mo?"

Nakangiwing nagkibit-balikat si Wood. **"Kung gano'n ay gawin mo ang gusto mo."** Saka siya nakangiting inilapit ang mukha sa senyor. **"Pero ilayo mo ang matatalim at nakamamatay na bagay sa kaniya, dahil kapag nadapuan iyon ng mga kamay niya ay siguradong tatamaan ka."** Sinulyapan ako ni Wood saka tumalikod at naglakad papalayo.

Nagliliyab sa galit ang mga mata ni Chairman, napako 'yon sa papalayong grupo ng mga lalaki, maging kay Wood. Matagal ko siyang pinanood na maghimagsik. Namumula siya sa galit nang bumaling sa 'kin. Nanginginig ang mga kamay niya nang duruin ako.

"Nasa'n ang kapatid ko?" nanunuya kong tanong, hindi ko na mahintay ang sasabihin niya. Ngunit walang nagbago sa hitsura niya. **"Nasaan si Maxwell?"**

"Haharapin mo muna ako bago ka makarating sa kaniya!" sigaw ni Taylor na basta na lang sumugod.

Inambaan niya agad ako ng suntok na agad ko namang naiwasan. Muli siyang sumubok manuntok, may kasamang pagsugod, pero paatras ko na namang naiwasan. Nang muli siyang mag-angat ng braso ay tinapik ko ang leeg niya gamit ang gilid ng palad ko. Bahagya lang ang lakas no'n pero agad niyang nahawakan ang parteng 'yon ng katawan niya.

Sumugod siyang muli at astang gagayin ang ginawa ko pero nagawa kong saluhin ang kaliwang kamay niya. Sinapo ko ang leeg niya saka siya paatras na isinandal sa pader at doon magkakasunod na iniumpog. Sinipa niya ang tuhod ko pero pakiramdam ko ay tinapik lang ako.

"Kumain ka ba?" nakakalokong tanong ko.

Nag-init siya. Hindi ko akalaing nakakapag-isip pa pala siya nang tama. Dahil may nadampot siyang bagay na basta na lang niyang inihampas sa tagiliran ko dahilan para mabitiwan ko siya. Napaatras ako at bahagyang napahawak sa tagiliran ko.

Mula sa kinatatayuan ay nakahanda na ang kaniyang kamao at nanatili 'yong gano'n hanggang sa pagsugod. Tinapik ko ang balikat niya dahilan para mapatagilid siya saka ko kinuha ang braso niya at tinapik naman iyon sa likuran. Napasinghal siya sa naramdamang sakit. Ngunit hindi na ako nakapaghintay pa. Tinadyakan ko ang likuran niya dahilan para mapasubsob siya sa mababang poste ng semento.

Dali-dali siyang tumayo at nang harapin ako ay naglabas siya ng patalim. Pinaglaruan niya iyon para mabuksan, nagpapakitang-gilas, habang nakatingin sa akin. Kung ano-anong ekshibisyon ang ginawa niya sa kutsilyo, pinaiikot sa kamay niya para humanga ako. Saka siya pumuwesto na para bang hinihintay ang pagsugod ko. Ang kaliwang kamay niya ay handang-handa sa depensa, ang kanan naman ay hindi makapaghintay sa pag-atake.

Sa isip ko ay hindi ako maglalabas ng kahit na anong armas habang kaharap ang mga ito. Ang isang buhay na kinuha ko ay malulusutan ko pa gamit ang dahilan ko, pero kapag nakadalawa ako ay hindi ko na alam.

Pasigaw na umatake si Taylor at iniamba ang patalim niya na para bang matatamaan niya talaga ako. Sinalo ko ang kamay niya saka ako pumunta

sa likuran niyon para doon siya tirahin sa likod. Tinapik ko ang siko niya saka ko pinihit ang kaniyang braso, umaasang mabibitiwan niya ang kutsilyo. Hindi iyon nangyari, mas lalong hindi siya huminto.

Binitiwan niya ang kutsilyo at sinalo rin iyon gamit ang bakante niyang kamay saka hiniwa ang likod ng hita ko! Napaatras ako dahilan para mabitawan ko siya. Pailalim siyang sumugod ngunit sinalubong ko ang panga niya. Napaatras siya sa lakas ng suntok ngunit hindi pa rin sumusuko.

Muli niyang iniamba ang patalim sa 'kin ngunit gano'n kadali 'yon para sa 'kin na iwasan. Walang kahirap-hirap. Nasisiguro kong pagod na rin sila, hindi ganito ang paraan nila ng pakikipaglaban. Nang muli siyang sumubok na saksakin ako ng patalim ay umatras ako at sinipa siya sa dibdib at mukha. Pero hindi pa rin siya sumuko. Muli siyang sumugod kaya sinalo ko ang pulsuhan niya saka ko isinaksak ang hawak niyang kutsilyo sa sarili niyang balikat, gamit ang sarili niya ring kamay. Siniko ko siya sa sentido at talaga namang para siyang nasuntok ng boksingero dahil sa lakas nang dulot niyon sa kaniyang ulo.

"Kung pagod ka na ay tigilan na natin 'to," hindi ko halos masabi nang ayos 'yon dahil sa matinding pagpigil ko sa kamay niya. Nilalabanan niya ang kamay kong nanlalaban din sa kaniya. Pinipilit niyang hugutin ang kutsilyong nakatarak sa balikat niya.

Pero hindi siya nakinig sa 'kin. Umikot siya at saka ako siniko sa tiyan gamit ang bakante niyang kamay. Napaatras ako at nakita ko kung paano niyang binunot ang patalim nang sumisigaw. Muli niya akong sinugod, napapailing akong umatras para lang maiwasan siya at hindi na madagdagan ang kaniyang sugat.

"Tama na, ibigay mo na lang sa 'kin ang kapatid ko!" nagpipigil na pakiusap ko habang umaatras at inaabangan ang pagsugod niya.

Hindi siya nakinig. Panay ang pag-amba niya sa 'kin ng kutsilyo na paulit-ulit ko lang namang iniilagan. Nang makahanap siya ng akala niyang magandang tiyempo ay iniangat niya nang pagkataas-taas ang braso. Saka niya ako inambaan ng saksak ngunit naisangga ko ang pareho kong braso. Muli kong nahuli ang pulsuhan niya at gamit na naman ang sarili niyang kamay, isinaksak ko ang kutsilyo sa tagiliran niya.

Ako mismo ay napakislot matapos panoorin ang papadapang pagtumba ni Taylor. Pakiramdam ko ay naramdaman ko ang sakit na dulot nang pagkakasaksak ng patalim. Naghabol siya ng hininga at dahan-dahang ibinangon ang sarili. Lilingon na sana siya nang matigilan dahil sa

bunganga ng baril ni Heurt na nakatutok na sa likod ng ulo niya. Pareho naming hindi namalayan ang paglapit sa kaniya ni Heurt.

"Nasaan si Maxwell?" tanong ni Heurt.

"Ah!" Malayo pa lang ay sumigaw na si Eerah Anitha dahilan para mapalingon ako sa kaniya. Habang sumusugod siya papunta sa 'kin ay sumisigaw pa rin siya. Napailing na lang ako saka humarap sa kaniya.

Gusto kong humanga sa dalawang magkaparehong punyal na hawak niya. Mukhang nagmula pa 'yon sa matagal na panahon. Halatang luma pero kaakit-akit ang hitsura.

Para lang akong sumasayaw papunta sa kaliwa't kanan habang iniiwasan ang bawat atake niya. Sa t'wing umaatake ang mga kamay niya ay tinatapik ko lang iyon nang malakas. Bigla siyang naupo at sumubok patirin ako pero patalikod lang akong tumalon papalayo.

Baliktad ang pagkakahawak niya sa punyal, bihasang-bihasa ro'n si Eerah, alam ko. Nagagawa niyang paikut-ikutin iyon sa mga kamay niya at gano'n din kabilis ang mga galamay niya sa pag-atake. Wala akong tama, maski galos, pero hinahapo ako sa kaiiwas at katatakbo. Pero hindi ko maintindihan kung bakit ganito na silang lumaban ngayon, kung saan dapat nga ay mas magaling na sila dahil sa walang kwentang dahilan ng galit nila.

"Ah!" muli siyang sumigaw sa pagsugod! Ang mga punyal ay nasa magkabilang gilid niya at nakatutok sa likuran. Nang makalapit sa 'kin ay saka niya itinaas sa ere ang mga kamay niya. Hinawakan ko siya nang mahigpit sa kaliwang pulsuhan saka ako yumuko at siniko siya sa tagiliran. Gamit ang sarili niyang braso ay papaikot ko siyang ibinalibag.

"Eerah!" habol ni Cargosin.

Biglang naglabas ng baril si Cargosin, bagay na hindi ko inaasahan! Nagpaputok siya dahilan para mapaikot ako sa kaliwa, ngunit agad niya ring sinundan dahilan para mapaikot na naman ako papuntang kanan! Sa galit ko ay hinila ko ang kamay niyang may hawak ng baril saka siya binigyan ng apat magkakasunod na sapak sa panga! Na sa sobrang lakas ay halos umabot sa likuran ang likuran din ng ulo niya. Bago pa bumalik sa ayos ang mukha niya ay siniko ko na ang buko sa lalamunan niya. Saka ako yumuko para patalikod siyang sipain sa panga.

Hindi rin gano'n kadaling pasukuin si Cargosin dahil muli siyang sumubok! Pinatalon niya ang baril papunta sa kabila niyang kamay at nang akmang babarilin ako ay hinila ko na naman ang braso niyang iyon. Napunta siya sa likuran ko, habang hawak ko ang braso niya. Hinawakan

ko ang kamay niya saka ko pinaputok sa kung saan-saan ang baril, gamit ang kamay niya, hanggang sa maubusan iyon ng bala. Kinalas ko maging ang magasin nang hindi pinaghihiwalay ang kamay naming dalawa. Saka ko inihampas nang dalawang beses ang puwet ng baril sa sentido at batok niya.

Naliliyo man at naniningkit ang mga mata ay bumawi siya bago matumba. Muli siyang sumugod nang may kasabay pang pagsigaw. Sinalo kong muli ang braso niya at saka ako muling yumuko upang sipain sana siya uli. Nagawa niya 'yong iwasan pero hindi ang pagkakahuli ko sa dalawang braso niya mula sa likuran. Pumalag siya, halos magawa akong buhatin para ibalibag papunta sa harapan niya. Ngunit gano'n na siya kahina at gano'n din naman ang tindi ng kapit ko sa mga braso niya. Magkapatong ang pareho naming braso dahilan para magawa ko siyang hilahin at nang magkaharap kami ay saka ko siya sinipa sa panga nang pagkalakas-lakas. Tumalsik siya.

Biglang sumugod si Eerah, mabilis ang kamay niya. Panay ang pagsugod niya, gano'n na lang din ang pag-atras ko habang sinasangga ang magkakasunod na pagpapadapo niya ng punyal sa 'kin. Nang muli siyang sumugod ay ang kalati lang ng aking katawan ang iniatras ko, napasunod siya. Hindi niya inaasahan ang papatalikod kong pagtalon dahilan para hindi niya maiwasan ang dalawang paa kong bumambo sa kaniyang ulo. Nabitiwan niya ang mga hawak. Agad akong lumapit at itinayo siya saka ko siya sinuntok sa mismong gitna ng kaniyang tiyan. Namaluktot siya habang napapaatras. Prumeno ang paa niya saka ako sinamaan ng tingin. Bigla siyang sumugod nang gitil na gitil ang mga ipin. Hinintay ko ang paglapit niya. Nang makahanap ako ng tiyempo ay nagawa kong isampal ang sarili niyang kamay sa kaniya.

Sa inis niya ay hinila niya ang buhok ko bago pa ako makatakbo! Napayuko ako at mas lalo niyang hinila iyon, masakit! Kaya naman hinawakan ko siya sa magkabilang bewang saka ko siya itinulak papunta sa pader. At nang mapasandal siya ro'n ay saka ko sinadyang pagpalitin kami ng pwesto. Tumapak ako sa pader at patalon na pumunta sa likuran niya. Bago pa man niya nagawang humarap sa 'kin ay sinangga ko na ang batok niya.

"Nasaan ang kapatid ko!" bulalas ko! Hindi ko na napigilan ang sarili kong daklutin ang ulo ni Eerah at iumpog siya sa semento.

"Nandoon!" si Chairman Rewis ang sumagot.

Agad kong hinila sa buhok si Eerah Anitha at tinadyakan sa likod dahilan para humampas siya sa bakal na poste at nanghihinang bumagsak. Saka ko hinarap ang senyor. Hindi pa rin nagbabago ang namumula niyang mukha at nanggigigil niyang kamay at labi. Pero hindi ko na itinuon pa ro'n ang paningin ko. Nilingon ko ang gawing itinuturo ng Chairman at halos mapaluhod ako nang makita ko si Maxwell na duguan!

"***H-Hyung...***" Napabulong ako.

Gusto kong manlumo. Napayuko ako, ang parehong kamay ko ay naihawak ko sa magkabila kong tuhod, habang nakatingala sa kaniya. Ang dalawang kamay at mga paa niya ay nakatali, nakalaylay ang ulo na para bang wala nang buhay. At parang hayop siyang isinabit sa gano'ng posisyon. Halos maging pula ang suot niya dahil sa dugo na nababad na ro'n. Nangingitim na, patunay na matagal na siyang nasa gano'ng sitwasyon.

Gano'n kabilis akong pinangiliran ng mga luha. Napapailing akong umayos ng tayo at pigil ang luhang naglakad papunta sa gawi ni Maxwell. Pinigilan ko ang sarili kong mga luha, kaya naman gano'n na lang ang pagkunot ng noo ko at pagkibot ng mga labi ko. Sunod-sunod din ang paglunok ko at naiiwang nakamaang ang bibig ko para humugot ng hininga.

Nang sa wakas ay makalapit ako sa kaniya ay muli ko siyang tiningala. Niyakap ko ang tuhod niya saka ako doon naluha. Hinayaan ko ang sarili kong tahimik na lumuha saka ako huminto. Pinunasan ko ang mga mata ko saka ako naghanap ng anumang mapapatungan para magpantay kami. Nang makakita ako ng drum ay itinulak ko 'yon papalapit kay Maxwell, at saka ako pumatong doon.

"***H-Hyung...***" Hinawakan ko ang parehong pisngi niya. Pero hindi mahinto sa pangingilid ang mga luha ko kaya panay rin ang pagpupunas ko ng mata, bago muling hahawak sa pisngi niya. "***H-Hyung, ireona...***" Inuutusan ko siyang gumising pero nabigo ako.

Para akong dinudurog. Pakiramdam ko ay kasalanan ko rin ito dahil pinatulan ko pa ang makikitid at mababaw na utak ng mga Rewis. Kung nagpaubaya na lang ako ay posibleng hindi pa umabot sa ganito ang lahat.

Humugot ako ng kutsilyo mula sa gilid ng hita ko. Nagpatangkad ako para lang maabot ang kamay niya. Hindi naging gano'n kadali para sa 'kin na kalagan siya. Makapal ang taling ginamit, kailangang lagariin ko gamit ang patalim. Bukod do'n ay panay ang pagtulo ng luha ko sa hindi malamang dahilan. Panay rin ang pagpupunas ko kaya imbes na mapabilis ay medyo tumagal ako.

Sila talaga ang kahinaan ko. Sila ang hindi ko kayang nasasaktan. Parang ang kalahati ng kaluluwa ko ay nasa mga katawan nila kaya kapag nasa ganitong lagay sila ay matindi ang epekto sa 'kin.

At bukod do'n ay nasasaktan ako para sa sarili ko. Pakiramdam ko ay ginagawa ko naman ang lahat ng makakaya ko pero lahat ay nauuwi pa rin sa kapahamakan.

Halos mapaupo ako nang mapunta sa 'kin ang timbang ni Maxwell. Hindi ko siya kayang buhatin. Kaya naman laking pasasalamat ko nang magmadaling lumapit si Heurt at tulungan akong maibaba si Maxwell.

Hinaplos ko ang pisngi ni Maxwell. Para siyang sumabak sa gera, nakaligtas bagaman natalo. Halatang pagod na pagod at matindi ang tiniis na sakit hanggang sa mawalan siya ng malay.

"Gano'n na lamang ba ang laban na ibibigay mo sa 'min, Maxpein?" pormal na tanong ni Taylor, halatang hindi pa nakakabawi sa pagod at panghihina. **"Ang inaasahan ko ay dadanak ang dugo sa lugar na 'to ngayong gabi. Ipinapahiya mo 'ko. Hindi ganiyan ang lakas mo, wala pa iyan sa mga ipinakita mo sa amin noon."**

Patuloy siya sa pagkuda pero hindi ko na nagawang intindihin ang iba pa. Natuon sa sugat ni Maxwell ang paningin ko. Hindi ko alam kung paano niyang matatanggap ang pagkakaroon ng peklat kapag gumaling 'yon. Mahal na mahal niya ang balat niya. At nasisiguro kong pare-pareho naming hindi malilimutan ang pangyayaring ito sa t'wing makikita namin ang markang iiwan ng sugat na 'to.

"Ano ba ang ginawa namin?" nanlulumong tanong ko.

"Let's go," pabulong na sabi ni Heurt.

Magkatulong naming inakay si Maxwell. Pareho namin siyang akbay. Naaawa ako sa lagay niya pero hindi iyon ang kailangan niya ngayon. Kailangang madala namin siya sa ospital sa lalong madaling panahon.

Mainit pa ang balat ni Maxwell, humihinga at maayos ang tibok ng puso. Pero iyon lang ang nasa isip ko, iyon ang plano ko. Oras na makita at mabawi ko siya ngayon ay payapa kong tatalikuran ang pamilyang ito sa harap ko.

"Maxpein!" nanggigigil na sigaw ni Taylor nang lampasan namin sila. Pero hindi ko na siya nilingon. **"Bumalik ka dito, hindi pa tayo tapos!"**

Malayo pa lang ay narinig ko na ang pagtakbo niya kaya naman bago pa siya may magawa sa 'kin ay hinarap ko na siya at ginawaran nang malakas

na sapak sa panga. Sobrang lakas no'n panigurado dahil ultimong buko ng kamao ko ay nanginig sa sakit.

"Tumigil ka na," nanggigigil ko ring sabi. **"Kung gusto mo pang mabuhay, kung gusto mo pang makasama ang pamilya mo, tumigil ka na, Taylor."**

Nahihirapan man ay hindi siya nagpahalata nang bumangon. Pinunasan niya ang dugo sa kaniyang labi saka ngumisi sa 'kin. **"Umiiyak ka ba?"** Hindi makapaniwalang tanong niya. Hindi ako sumagot. **"Umiiyak ka nga!"** namangha siya.

"Tumigil ka na."

"Hindi mo na ba kaya?"

"Kayang-kaya ko pa," mariing tugon ko. **"Pero sadyang wala nang kwenta ang labanan ka."**

"Walang kwenta o duwag ka lang talaga?"

"Tumigil na kayo at bumalik kung saan kayo nanggaling. Tigilan niyo na ang pamilya ko." Hindi ko malaman kung bakit patuloy sa pangingilid ang mga luha ko.

"Nagiging emosyonal ka na yata? Dahil ba sa pagkamatay ng iyong lolo?" tumawa siya. **"Sa tingin mo ay basta ka na lang namin hahayaang umalis, matapos mong patayin si Christian!"** sigaw niya.

"At ano ang gusto mong gawin ko? Patulan ka hanggang maubos kayo!" hindi ko napigilan ang sarili kong sugurin siya pero mabilis na napigil ni Heurt ang braso ko.

"Tumigil na kayo," ani Heurt. **"Nagkamali kami pero nagkamali rin kayo. Mas madaling umamin sa pagkakamali kaysa magkaubusan tayo rito."** Tinitigan niya si Chairman Rewis. **"Tigilan mo na ito. Maawa ka sa mga anak mo. Tanggapin mo ang pagkatalo at aminin ang maling ginawa mo. Hindi namin kailangan ng paghingi ninyo ng tawad, o nang kahit ano. Basta itigil ninyo na lang ito."**

"Sino ka para utusan ako?" gitil pa ring tanong ng Chairman pero naro'n na ang pagpipigil.

"Hindi ka mamamatay o mabubulunan kapag nilunok mo iyang pride mo, Chairman Rewis. Pero sinasabi ko sa iyo, hindi ka mananalo sa amin, lalo na kung iyang pride na lang ang pinanghahawakan mo."

Muli kong kinuha ang braso ni Maxwell at iniakbay iyon sa 'kin. Saka kami nagtuloy ni Heurt sa paglalakad. Agad naman kaming natanaw ni daddy kaya patakbo siyang lumapit at tiningnan ang kabuuan ni Maxwell.

"*Sesanghe...*" bulong ni daddy saka hinaplos ang mukha ni Maxwell. **"*Adeul*?"** pagtawag niya sa anak. Nang hindi ito sumagot ay kinuha ni daddy ang braso ni Maxwell at iniakbay 'yon sa kaniya.

Hahakbang na sana ako papalayo nang may maramdaman akong lumapit. Humarap ako sa likuran at sinamaan ng tingin si Taylor.

"Sumusuko ka na ba?" nakangising tanong niya.

Pinunasan ko ang luha ko saka ako tumango. Nagulat siya sa pagtango ko ngunit hindi iyon ipinahalata. Sa halip ay ngumisi siya nang pagkayabang-yabang.

"Kung gano'n ang tingin mo sa ginagawa ko ngayon, oo, sumusuko na ako," malumanay na sagot ko.

"Sumusuko ka na?" natatawa niyang tanong. **"Ganiyan ka kahina, Maxpein Moon? Ginugulat mo ako masiyado."**

Nagtaas ako ng noo. **"Sumuko man ako o hindi, ako pa rin ang mananalo sa huli, Taylor. Ginagawa ko 'to dahil paulit-ulit na lang ang nangyayari. Hindi lang ako ang nasasaktan, at ayaw ko nang gano'n."** Malumanay ko uli 'yong sinabi. **"Pero 'wag kang magkakamaling sitahin ang pagiging emosyonal ko. Hindi porket nakikita mo akong umiiyak ay mahina na ako."**

"What are you then?" muli siyang humalakhak.

Napipikon na ako. **"I just don't have any more energy for meaningless fights, Taylor."**

Ngumisi siya. **"Masyado palang madali ang laban na ito. Mahina ka. Iyakin. Huwag kang mag-alala, Maxpein Moon, sinisiguro ko sa 'yong babalik ka rin sa amin. Sana kapag nangyari iyon ay hindi ka na iyakin."** Nakakaloko ang malademonyo niyang tawa.

Ngumiti ako. Gusto kong pagtawanan ang pang-aasar niya, manghang-mangha siya sa iilang butil ng luha na kaniyang nakita. **"Kahit kayo ay nagiging emosyonal kapag may nasasaktan sa pamilya ninyo. Gano'n lang din ako. Pero maniwala ka sa 'kin, magkaiba ang kahinaan at pagiging emosyonal ko. Dahil kaya kong putulin ang litid mo habang tumutulo ang mga luha ko."** Sumeryoso ako at sinamaan siya ng tingin. Nakita ko kung paanong nawala ang sarkasmo sa buong mukha niya at muling mapalitan ng kaba. Saka ako bumaling papalayo sa lugar na 'yon.

Nagmadali lang ako nang makita kong umandar ang sasakyan nina daddy. Si Heurt man ay gano'n kabilis na pinaharurot ang gamit na motor. Kaya wala akong nagawa kundi ang mabilis na sumunod sa kaniya.

Dinig na dinig ko ang malakas na tawanan ng baliw na mga Rewis bago ako tuluyang makalayo sa lugar na 'yon.

Hindi ko maiwasang maging emosyonal maging sa pagmamaneho. Sumasabay sa hangin ang mga luha ko. Masyado akong nasasaktan para sa kapatid ko, pakiramdam ko buong katawan ko ay umiiyak. Sumasakit ang puso ko, pinahihirapan akong huminga nang maluwag. 'Yong utak ko ay nakatuon sa sakit, at sa animong nagliliyab sa init na mga luha kong tumutulo sa aking pisngi.

Natigilan lang ako nang dumungaw si Maxrill sa bintana at isenyas sa 'kin ang telepono. Nagmadali akong sabayan ang sasakyan nila saka ko kinuha ang cell phone sa kaniya.

"Hello?" pasigaw kong sagot sa kabilang linya, habang ang paningin ko ay hindi nawawala sa daan.

"This is Randall!" para bang nagmamadali ang boses niya.

"Oh?" tumikhim pa ako, pakiramdam ko ay sandali akong namaos sa pag-iyak.

"We have a problem, Maxpein."

Natigilan ako. **"Why, what happened?"** Hindi ko maiwasang mag-alala.

"Kinuha ng mga Rewis si Deib Lohr!"

"Ano?!" Humigpit ang pagkakahawak ko sa telepono. Natuon sa kung saan ang galit na paningin ko. **"King ina, ulitin mo nga 'yong sinabi mo?"** Posible talagang magpalit ang nararamdaman sa pagitan ng kalahating segundo. Dahil sa t'wing mababanggit ang pangalan ni Deib Lohr ay nangyayari 'yon sa 'kin.

Narinig ko ang galit na pagbuntong-hininga niya. **"Pumunta sa mansyon sina Lovemir, kasama ang asawa ni Cargosin at ang Chairman nila. Kinuha nila si Deib Lohr, Maxpein!"**

Kumuyom ang palad ko, humigpit ang pagkakakapit ko sa manibela. At gumawa ng ingay at malinaw na usok ang gulong ko nang bigla ko iyong kabigin papabalik! **"Saan nila siya dinala?"** malumanay na tanong ko, ang panggigigil ay naro'n pa lang sa talampakan, unti-unting umaakyat sa ulo.

"Hindi ko alam kung anong lugar 'to, Pein."

"Ano ang ibig mong sabihin?"

"Sinundan namin sila."

"Nasa'n ka?" nagpipigil kong tanong. **"Randall, nasa'n ka!"** bulalas ko.

"Hindi ko alam ang lugar na 'to! At hindi ko na gugustuhing alamin pa, Pein. Delikado dito, Pein."

"King ina, kahit pa delikado, nandiyan si Deib Lohr. Nasaan ka?" Pilit kong pinakakalma ang sarili ko. **"Nasaan ka, Randall!"** Sandali kong nagawa ngunit hindi ako nagtagumpay na pakalmahin ang sarili ko. Gusto ko agad magwala!

"Tenement! Nasa tenement kami!" pabulong na asik niya.

Gusto kong manlumo. **"Gano'n ba talaga 'ko katalino para maisip mong mahuhulaan ko ang isang lugar dahil sa ganiyang klase ng deskripsyon mo?"**

"Maxpein, I really don't know this place! Fuck!"

Naibato ko ang telepono sa kung saan at saka pinaharurot ang sasakyan pabalik kung saan kami nanggaling.

Paano 'yong nangyari? Bakit hindi ko siya nakita!

Nagwawala na agad ang sistema ko at hindi ko na sigurado kung magagawa ko pang pakiharapan nang ayos ang mga Rewis, gaya ng ginawa ko kanina. Hindi ko pa man sila nakakaharap ay pinapatay ko na sila sa isip.

Hindi pa kami tuluyang nakalalayo sa lugar na 'yon kaya naman sampung minuto lang ay nakabalik na ako ro'n. Malayo sa inaasahan ko ang nangyari dahil 'ayun ang mga Rewis, pare-parehong nakaupo at naghihintay lang sa akin. Nagkamali ako nang isipin kong natauhan sila sa mga sinabi ni Heurt kanina.

"Sinabi ko na nga ba at babalik ka," bungad na naman ni Taylor. **"Ano, naniniwala ka na? Bumalik ka, 'di ba?"** Nakakatanga ang tanong niya. **"Natagalan ka yata?"**

Hindi ako sumagot. Mabilis kong iginala ang paningin ko sa buong lugar para hanapin si Deib Lohr. Nang hindi ko siya agad makita ay tumuloy ako lalo at nagpatuloy sa paghahanap. Ngunit agad akong natigilan nang tapikin nang malakas ni Taylor ang balikat ko.

"Patay na!" sigaw niya.

Kinuha ko ang kamay niya at buong pwersang pinaikot iyon dahilan para sumama ang buong katawan niya at mapatalon siya sa pagkakabalibag. Namaluktot siya sa sakit at lakas nang pagkakabagsak.

Hindi ko na siya pinansin pa at sa halip ay tumuloy pa ako at muling iginala ang aking paningin. Naghahanap ako ng dahilan kung paanong hindi ko nakita si Sensui kanina. Pilit kong tinatanong ang sarili ko kung bakit hindi ko naramdamang nandito rin siya!

Hindi ko naramdaman ang pagbangon ni Taylor. Matagumpay niya akong nahawakan sa magkabilang balikat at tinuhod sa likod. Hindi man lang ako nasaktan o nawalan ng balanse. Kasabay nang paglingon ko sa kaniya ay ang paa kong nasa ere, papunta sa mukha niya! Tinamaan ang animal sa sentido at bumagsak. Sumubok siyang tumayo pero padapa uling napahiga.

"Alam ba niya ang buo mong pagkatao, Maxpein?" tatawa-tawang tanong ni Taylor habang nasa gano'n pa ring sitwasyon. Unti-unting bumabangon bagaman bumibigay na ang buong katawan niya. Gusto ko siyang kahabagan dahil ang isip at bibig niya na lang ang lumalaban. Hindi na kaya ng katawan niya, halatang pagod na at wala nang lakas. **"May ideya ba siya sa tunay mong katauhan? Ni minsan ba ay nabanggit mo sa kaniya kung anong klaseng organisasyon ang kinabibilangan ng inyong pamilya?"** sunod-sunod niyang tanong. Napatitig ako sa kaniya nang may masamang tingin. **"Paano mo sasabihin sa kaniya na hindi ka kasimbuti nang iniisip niya? Paano mo sasabihin na mas masama ka pa kaysa sa amin dahil puro kayo sindikato?"** Tuluyan siyang nakatayo.

Pinagkunutan ko siya ng noo. Hindi na ako nagdalawang-isip na sugurin siyang muli. Hindi niya iyon inaasahan kaya naman bago pa siya makagawa ng anumang depensa ay naihampas ko na ang mukha niya sa tuhod ko. Saka ko siya dinampot sa magkabilang balikat at patulak na itinayo. Bago siya makagawa ng anumang kilos ay 'ayun na ang mga kamao kong papalipad papunta sa magkabilang pisngi niya. At nang hindi ako makontento ay pinanggigilan ko ang magkabila niyang mga mata.

"Ganito ako manghina, Taylor," bulong ko saka kinuha ang braso niya at binaliko iyon papunta sa kaniyang likuran. Tumalikod ako sa kaniya saka ko hinawakan ang leeg niya gamit ang pareho kong kamay. Paikot akong tumalon habang nakatuon ang bigat ko sa kamay kong nasa leeg niya, at saka kami sabay na bumagsak sa semento, una ang mukha niya. Ang lugar na 'yon ay napuno ng pagsigaw ni Taylor. Uubo-ubo siya at hindi na halos maidura ang namuo niyang laway na may kahalong dugo.

Natigil lang kami sa dalawang magkasunod na putok mula sa likuran ko, hindi ako nagawang tamaan. Agad kong kinuha ang braso ni Taylor at ginawa siyang pangharang. 'Ayun si Cargosin na hindi malaman kung paano akong aasintahin gamit ang baril niyang mamahalin. Tuloy-tuloy siya sa paglalakad habang patuloy rin sa pagkalabit ng baril pero maski si Taylor ay hindi niya magawang tamaan. Humugot ako ng baril sa likuran saka ko ipinatong ang braso ko sa ibabaw ng balikat ni Taylor. 'Tsaka ko pinaulanan

ng sunod-sunod na bala si Cargosin. Nagtatakbo siya patago kaya kinaladkad ko si Taylor papunta sa dilim para magtago rin.

Gamit ang isang kamay ay nagpalit ako ng magasin. Ang lakas ko ay nasa braso kong pumipigil sa pagpupumiglas ni Taylor. Gano'n siya kahina, maski ang isang braso ko ay hindi niya magawang labanan.

Muli akong pinaputukan ni Cargosin, lalo pa akong nagtago. Hinayaan ko siyang magpaputok nang magpaputok at nang huminto siya ay doon ko itinulak si Taylor papalabas kung saan kami nagkubli. Paatras akong naglakad, halos matumba si Taylor sa pagpapatianod sa akin, hindi ko rin tinigilan sa pagpapaputok si Cargosin hanggang sa maubos ang bala ng magasin.

Humalakhak si Taylor matapos naming magtagong muli. **"Sino kaya ang maiiwang buhay sa gabing ito, Maxpein Moon?"** hirap na hirap niyang tanong, uubo-ubo. **"Bakit hindi mo na isinama ang nanay mo?"**

"Masyado na siyang matanda para sa ganitong laro," sabi ko saka muling ikinasa ang baril at lumabas.

"Ah!"

Isang bala pa lang ang nailalabas ko ay tinamaan na si Cargosin. Nakita ko siyang iika-ikang tumakbo papunta kung nasaan si Eerah Anitha. Muli ko silang pinaputukan dahilan para aligagang mapatakbo si Cargosin, salungat kung nasaan ang asawa.

Pero bago pa man magawang makatakbo papalayo ni Eerah ay may kamay nang humila sa buhok niya dahilan para mapatili siya. Lumabas si Yaz mula sa dilim at ibinato ang isang mahabang kahoy kay Eerah, na agad namang ikinagulat nito. Saka tumayo si Yaz at umastang hinihintay ang pagsugod ni Eerah Anitha.

"Hindi mo na makikita nang buhay ang pinakamamahal mong lalaki, Maxpein Moon," uubo-ubong sabi ni Taylor.

"Mas matindi pa sa paghihirap mo ang pagdadaanan ng pamilya mo, Taylor, kapag hindi ko nakita nang buhay si Deib Lohr."

Galit niyang hinawakan ang braso ko saka buong pwersang umikot dahilan para magkapalit kami ng pwesto. Agad akong bumawi at papadulas na pinatid siya. Sa sobrang gigil ko ay brutal kong ipinasok ang bibig ng baril sa parteng iyon ng katawan niya kung saan siya may saksak. Saka ko idiniin nang idiniin ang baril hanggang sa magpumiglas siya sa sakit. Sinalo ko ang kamay niyang nagmamakaawang tigilan ko siya.

"Ituturo mo sa 'kin kung nasaan si Deib Lohr, o ipuputok ko 'to sa katawan mo?" pabulong na tanong ko.

"Patayin mo na lang ako, Maxpein!" Minura niya ako nang minura.

Hindi 'yon ang sagot na gusto ko kahit pa gusto ko ring gawin 'yon. Lalo kong idiniin ang bibig ng baril sa tama niya at hindi pa ako ro'n nakontento dahil inikot-ikot ko ang bibig doon. Dahilan para lalo siyang mapasigaw sa sakit!

Napailag ako nang may magpaputok sa gawi ko. Hinugot ko ang baril mula sa sugat ni Taylor at pinaputok iyon kung saan nagmula ang sumubok bumaril sa 'kin. Saka ko iyon muling ipinasok nang marahas sa tama ni Taylor. Napasigaw na naman si Taylor na may kahalong sunod-sunod na pagmumura.

"Nasaan si Deib Lohr!" bulalas ko.

"*Mierda*! Nakakarindi ang paulit-ulit mong pagtatanong, bakit hindi ka na lang maghanap, *tonta*!"

Nagtiim ang bagang ko saka ko lalong ipinasok ang baril, pinalalaki niyon ang sugat niya. Ipinasok ko nang todo at itinutok ang bibig niyon sa parteng gusto kong tirahin. Pinaputok ko ang baril at nasisiguro kong tumagos sa likod niya 'yon.

"Warning shot, Taylor. Nasaan si Deib Lohr?"

"Patayin mo na lang ako!"

"Kapag pinatay kita ay isusunod ko ang pamilya mo, hindi ako magdadalawang-isip, maniwala ka." Nanggigigil ako masyado at iyon na lang ang naiisip kong pwedeng ipanakot sa kaniya. **"Nasaan si Deib Lohr? Sasagutin mo lang ang tanong na 'yan, Taylor. Sabihin mo lang sa 'kin kung nasaan siya ay bubuhayin kita."**

"Ahh!" Nangibabaw ang sigaw ni Eerah Anitha. At nang lingunin ko siya ay 'ayun na siya at nakataas ang hawak na kahoy, at patakbong susugod sa 'kin. Mabilis kong binubot ang baril sa katawan ni Taylor, dahilan para mapasigaw ito nang mas malakas pa, saka ko iyon itinutok kay Eerah Anitha.

Sinilip ko ang aasintahin at bago pa siya makahakbang muli ay pinaputukan ko na ang dalawang paa niya. Doon mismo malapit sa buto dahilan para pabagsak siyang mapaupo at doon magwala dahil sa ginawa ko.

"Nasaan si Deib Lohr? Huling tanong ko na 'yan, Taylor," tiim-bagang na tanong ko.

"Hanapin mo siya gamit ang mga mata mo--" Hindi niya na nagawang tapusin ang sasabihin dahil agad akong tumayo at walang kurap-kurap na binaril ang parehong kamay at paa niya. Hindi ako nakontento ro'n. Inubos ko ang lahat ng bala sa pagpapaputok hanggang sa magmukhang pinagparte-parteng karne ang mga kamay at paa niya.

Nagwala sa pagsigaw si Taylor. Pero wala na siyang magagawa kundi ang gumapang. Tinalikuran ko siya saka ko binalingan si Eerah Anitha. Itinutok ko ang baril sa ulo niya, wala pa man ay umiilag na siya.

Papuputukan ko na sana si Eerah Anitha ngunit naagaw nang pagtalsik ni Cargosin mula sa kung saan ang paningin ko. Tiningnan ko ang madilim na parte na pinanggalingan niya, 'ayun si Randall at nagwawala sa galit. Walang kahirap-hirap niyang nabuhat ang abandonadong makina at nagawang ibato kay Cargosin.

Sumadlak sa semento si Cargosin at nagsisigaw nang maipit ang paa niya. Pilit niyang inaalis ang makina ngunit gano'n na siya kahina para magawa 'yon. Gayuman, hindi siya nagpakita ng takot nang tutukan siya ni Randall ng baril sa mismong mukha.

"Randall," sita ko sa kaniya, hindi niya ako nagawang lingunin. Galit na galit siya kay Cargosin, at nag-aalala akong baka makalabit niya ang baril na noon ko lang napansin kung gaano kapamilyar sa 'kin.

"Ano ang napala ninyo sa paghihiganti, Cargosin?" garalgal ang tinig na tanong ni Randall. **"Galit na galit ako ngayon, dahil maging ang inosenteng anak ko ay idinamay ninyo."** Nanginginig siya sa galit. **"Pero hindi ako kasinsama ninyo. Kaya ako na ang nakikiusap sa 'yo, Cargosin."** Nakahinga ako nang maluwang nang ibaba ni Randall ang hawak na baril. **"Let's drop it here, let's end this cycle."**

"Nasa 'taas sila," ani Yaz na agad kinuha ang mga kamay ni Eerah Anitha at itinali ang mga 'yon.

Sinulyapan ko ang itaas na bahagi ng abandonadong gusali na 'yon at gano'n na lang ang pagkamangha ko sa aking nakita. Si Lovemir! Walang reaksyon ang mukha habang deretsong nakatingin sa 'kin. Nakayuko siya at nakatuon ang parehong siko sa bakal na pasemano. Sinamaan ko siya ng tingin hanggang sa masulyapan ko ang likuran niya.

Nagtiim ang bagang ko matapos kong mamataan si Deib Lohr na hindi nalalayo sa sitwasyon ni Maxwell kanina. Gusto kong magpapadyak sa galit bago sumugod sa kanila. Pero hindi ko na iyon nagawa. Tumakbo ako

papasugod ngunit 'ayun ang mga duwag na si Chairman Rewis, pinaulanan ako ng bala bago pa man ako makalapit sa hagdanan.

Nagtago ako sa likuran ng hagdan ngunit agad din akong umalis matapos kong makita si Chairman na inaasinta ako ro'n. Nagtama ang paningin namin ni Yaz na noon ay nagtatago sa bakal na dibisyon, saka kami nagtanguan. Maging si Randall ay kinuha ang baril mula kay Cargosin at pinaputok iyon sa gawi ng Chairman.

Tumakbo si Yaz dahilan para siya ang asintahin ng mga tauhang namamaril. Kumilos naman ako, saka ko tinalon ang mababang pasilyo. Mula sa pagkakakapit sa semento ay binuhat ko ang sarili kong timbang para pabaliktad akong makaakyat sa ikalawang palapag.

Agad akong hinarap ng isang tauhan at gano'n kabilis din kaming nagpambuno. Ilang beses ko siyang tinamaan ng suntok sa mukha, at sunod-sunod na sinipa. Hindi lang 'yon dahil maging ang katawan niya ay inaasinta ko. At nang makahanap ako ng tiyempo ay hinala ko ang kurbata nito at itinali iyon sa leeg niya. Patakbo akong umatras hanggang sa bumangga ang tauhan sa semento. Saka ko hinila papunta sa harapan ko ang kurbata. At hindi ko iyon tinigilan sa paghila hangga't naririnig ko siyang naghahabol ng hininga.

"M-Maxpein..." Tinig ni Sensui. Para 'yong kamay na humaplos sa puso ko. Sandali niyang naagaw ang atensyon ko at lilingunin ko na sana siya nang bigla kong mamataan ang isa pang tauhan.

Pinaputukan ako ng isa pang tauhan at nabitiwan ko ang isang dulo ng kurbata nang magawa ako nitong daplisan sa paa. Nang muli siyang magpaputok ay dali-dali kong pinagbaliktad ang posisyon namin ng hawak kong tauhan para siya ang tamaan!

Nang bumulagta ang nabaril na tauhan ay saka ako bumunot ng baril at pinatamaan ang isa pang tauhan. Pabaliktad itong nahulog sa unang palapag.

"Maxpein!" sigaw ni Lovemir.

Gano'n na lang ang gulat ko nang malingunan ko siya. Ang baril na hawak ni Lovemir ay deretsong nakatutok sa puso ni Deib Lohr.

"Lovemir..." naisuko ko agad ang parehong kamay ko. Hindi pa man niya iniuutos ay binitiwan ko na ang baril ko. **"W-Why are you doing this?"** naiiyak nang tanong ko. Nawawalan ako ng pag-asa. Natatakot akong baka ituloy nga niya.

"Dahil sawang-sawa na ako, gusto ko nang wakasan ang lahat."

"Bakit sa ganitong paraan?"

Emosyonal siyang tumawa. **"Sa ganito rin naman ang punta namin kahit tapusin natin nang maayos ang gulong ito, Maxpein. Sa huli ay kami pa rin ang talo. Mas gugustuhin kong mamatay na lang dito."**

"Lovemir..."

Lalo siyang naging emosyonal. **"Hindi mo alam kung ano ang naging epekto sa akin ng pagkamatay ng mommy ko, Maxpein."** Gano'n kabilis namuo ang luha sa kaniyang mga mata. **"At sobrang sakit dahil pati si Christian ay kinuha mo pa."**

"'Yong kay Christian--"

"Ano!" Pinigilan niya ang sasabihin ko. **"Ano na naman ang idadahilan mo, ha, Maxpein?"** emosyonal ang nanunumbat niyang tono. **"Magdadahilan ka na naman ba gamit ang matatamis mong salita, na sa sobrang tamis ay nagmumukhang tama?"**

"Lovemir..." I'm running out of words to say, I can't even say sorry to him.

"Kapatid ko si Christian, Maxpein! Hindi lang sa ampunan!"

Nabigla ako sa sinabi niya. At bukal sa loob ko ang paghingi ng tawad sa puso at isip. Pero kahit na isatinig ko 'yon ngayon ay hindi ko na maibabalik sa buhay si Christian. Mas lalong hindi ko na matatanggal ang sakit na idinulot ng pagkawala nito sa kaniya.

"Lovemir..."

"Kinukuwestyon mo ang ginagawa ko--bakit hindi mo tingnan ang mga nagawa mo!" Dinuro niya ako habang ang isang kamay niyang may hawak na baril ay naro'n pa rin sa dibdib ni Sensui. **"Ang nakikita mo lang ay 'yong mga maling ginawa namin--paano ang sa iyo? Kami ang masama sa paningin mo pero sa tingin mo ba, tama 'yong ginawa mo? Wala na ba kaming karapatang magsalita, kumilos, at maghiganti sa paraang gusto namin?"**

"Maniwala ka sa 'kin, hindi gano'n 'yon, Lovemir!"

"Gano'n 'yon, para sa mga tulad ninyo, Maxpein." Sinabi niya 'yon nang sobrang emosyonal, nakadudurog ng puso.

"Lovemir..." Nanlumo ako. Hindi ko na malaman ang gagawin at sasabihin ko.

"Ano ang tawag sa iyo, kung gano'n? Naggagantihan tayo, oo. Pero ibig bang sabihin niyon ay masama kami at mabuti kayo? Mali ang dahilan namin pero hindi lahat ng kilos ninyo ay tama, Maxpein. Hindi

por que **kayo ang mas makapangyarihan, wala na kayong ginagawang mali at masama."** Hindi ako nakapagsalita. **"Sumagot ka, Maxpein!"** Nanggigigil niyang itinutok ang baril sa 'kin at walang-alinlangang iyong pinaputok!

Napaluhod ako nang tamaan ako sa kaliwang balikat ko. Sinadya kong saluhin ang bala na pinaputok niya. Napaluha ako dahil unti-unti ay para bang nararamdaman ko ang sakit na pinagdaraanan niya. Iyon si Lovemir. Iyon ang kahanga-hanga sa katauhan niya. Ang kakayahan niyang iparamdam sa iba ang nararamdaman niya. Ang abilidad niyang ilagay sa sitwasyon at kinatatayuan niya ang taong kinukuwentuhan niya.

"Pwede mo siyang saktan o pahirapan pero...'yong patayin?" lumuluha niyang dagdag. **"At hindi man lang namin magawang paglamayan ang katawan niya dahil hindi namin malaman kung saan ninyo siya ipinadala. Ipinagmamalaki ninyo kung ano ang para sa inyo ay tama, paano naman ang sa amin, ha, Maxpein?"**

Umiling ako nang umiling. Hindi ko alam kung ano ba ang dapat kong sabihin sa kaniya. Dahil ako mismo ay aminado akong may punto ang mga sinasabi niya. At inaamin ko ring ngayon ko lang naisip ang mga iyon dahil sinabi niya. Kung hindi niya nabanggit ay tama siya, sarili ko lang ang iisipin ko at ang pamilya ko.

"Pakiusap..." Nangibabaw ang pamilyar na tinig mula sa likuran ni Lovemir.

Nanlalabo ang mga mata ko sa luha, agad ko iyong pinunasan at doon ko nakita si Chairman Enrile. Tutok siya kay Lovemir na noon ay nakatalikod sa kaniya at tiim-bagang na tinatanggap ang hindi inaasahang presenya ng matanda.

"Lovemir..." Iyon ang kauna-unahang beses na marinig ko si Chairman Enrile na tinawag ito sa pangalan. **"Pakiusap, huwag ang apo ko. Ako na lang kung maaari. Nakikiusap at nagmamakaawa ako."** Noon ko lang din nakitang mahirapan sa paghinga dahil sa pag-iyak ang Chairman.

Dahan-dahan siyang liningon ni Lovemir saka sandaling tinitigan. **"Bakit ka narito, Chairman Enrile? Hindi ba't inosente ka sa lahat ng bagay?"** Nakakaloko ang sarkastikong tono ni Lovemir.

"Lovemir, pakiusap..."

"Bakit hindi mo aminin ngayon dito kung gaano ka kainosente, Chairman Enrile?"

Natuon ang paningin ko sa senyor na noon ay dahan-dahang naglalakad papalapit kay Lovemir. **"Nakikiusap ako--"**

"Sabihin mo kung ano ang ginawa mo sa nanay ko!" sigaw ni Lovemir na parang nababaliw, kung saan-saan naitututok ang baril. **"Bakit hindi mo sabihin sa kanila ang totoo para kahit papaano ay luminis naman ang papel namin! Huwag mo kaming masyadong parumuhin!"** itinutok niya ang baril sa noo ni Chairman Enrile. **"Bakit hindi mo ipaalam sa apo mo ang relasyon mo sa nanay ko?"**

"Lovemir..." muling pagtawag ni Chairman Enrile.

Nagugulat akong napatitig sa senyor. Gusto kong lingunin si Sensui pero masyado akong gulat, hindi ko iyon magawa. Napatitig ako sa kaniya dahilan para mabasa ko ang halo-halong emosyong inilalabas ng mukha niya. Hindi ako makapaniwala. Hindi ako makapaniwalang sa dami ng nangyari ay may mas malalim pang dahilan ang lahat.

"Bakit hindi mo aminin sa kanilang kaya nangyari ang lahat nang ito ay dahil gusto mong mawala kaming bigla sa buhay ninyo--para hindi malaman ng pamilya mo ang kalokohang ginawa mo!"

"Patawarin mo ako!" lumuluhang ani Chairman Enrile, nakayuko at sinasamba na ang kabuuan ni Lovemir. 'Ayun at halos halikan niya na ang dulo ng mga daliri sa paa ni Lovemir.

Sa 'kin ibinaling ni Lovemir ang tingin. **"Nakakagulat ba?"** Sinulyapan niya si Sensui saka nameke ng tawa. **"Yes, we're back with a vengeance. We're back to give you the satisfaction of watching us suffer. At lahat nang iyon ay dahil sa taong ito!"** Luhaang humalakhak si Lovemir at gano'n na lang ang gulat ko nang tutukan niya ng baril si Chairman Enrile sa ulo!

"Lovemir!" sigaw ko sabay takbo at itinulak siya papalayo. Galit na tumitig sa 'kin si Lovemir. Isinuko ko ang mga kamay ko sa kaniya. **"Tama na,"** mariin ang pakiusap ko. **"Tama na!"**

Nawala ang emosyon sa mukha niya. Nagulat ako ang dahan-dahang umangat ang kamay niya. Sa akin na nakatutok ang hawak niyang baril. Nanlumo ako. Wala akong maisip na paraan para mapahinto siya.

"Lovemir..." Isinuko kong muli ang kamay ko sa kaniya, umaasa akong hihinto na siya. Dahan-dahan akong naglakad papalapit sa kaniya. Sa isip ko ay nakaplano nang kunin ko ang baril mula sa kaniya at mahihinto na ang lahat ng ito.

Pero hindi nangyari 'yon nang mula sa likuran ay may bumaril sa 'kin!

"Taguro!" nadinig ko ang bulalas ni Sensui.

Napaluhod ako at napahawak sa mga tuhod ni Lovemir. Dahan-dahan kong tiningnan ang dibdib ko. Mula sa likod ay tumagod 'yon sa harapan ko. Dumausdos ako pabagsak. Sa gilid ng mga mata ko ay nakita ko rin kung gaano kabilis na nagpapadyak ang mga paa niya, nagpupumilit na makawala sa pagkakatali.

"Hayop ka!" Nangibabaw ang boses ni Chairman Rewis. Hindi ko alam kung sino ang pinatutungkulan niya. **"Ikaw itong nagsimula, kami ang pinagmukha mong masama! Hayop ka, Enrile! Hayop ka!"**

"Patawarin mo ako--"

"Hindi na kita mapapatawad kailanman!" Ikinasa ni Chairman Rewis ang baril!

Awtomatiko akong napatayo at inagaw ang baril sa kaniya! Natadyakan niya ako sa tiyan dahilan para mapaatras ako at mabitiwan ang baril, at mapunta uli 'yon sa kaniya. Sinugod niya ako at pinaulanan ako ng suntok, tadyak at dagok. Magaling siya, bihasa. Dahil ang bawat pagtama ng kamao niya sa 'kin ay tila bumabaon sa katawan ko. Gano'n kasakit!

Tinutukan niya ako ng baril at naalarma ako nang kumilos ang daliri niya! Ngunit gano'n na lang ang gulat ko nang kasabay nang pagputok ng baril ay ang pagyakap sa 'kin ni Lovemir. Nanlalaki ang mata kong pinanood ang tila pagkagulat ni Lovemir, 'yon na ang pagtama ng bala sa katawan niya. Napako sa 'kin ang paningin niya at napanood ko ang pagtulo ng mga luha niya.

"L-Lovemir..." Sinalo ko ang katawan niya bago pa siya bumagsak.

"I do regret a lot of things, Maxpein, even those I said a while ago," tahimik siyang tumawa, habang iniuubo-ubo ang dugong lumalabas sa bibig niya. **"But I will never regret meeting you. I don't have to pretend to be anyone or anything when I'm with you. You made this whole...thing an adventure."** Nagsisimula na siyang mahirapang magsalita.

"L-Lovemir?" tawag ko nang dahan-dahang pumikit ang mga mata niya. **"Lovemir!"** muling pagtawag ko.

"You killed him..." tinig ni Chairman Rewis. Dahan-dahan niyang itinututok ang baril sa akin nang may panggigigil. **"You killed my--"**

Hindi niya naituloy ang sasabihin nang may magpaputok mula sa kung saan! Naitakip niya ang parehong kamay sa ulunan pero pareho rin kaming napalingon nang may lumagabog. Nasa lapag na si Sensui nang malingunan ko.

Pare-pareho kaming napalingon sa 'baba at pareho rin kaming nagulat nang makita naming si Heurt iyon!

Nagkatinginan kami ni Chairman Rewis. Hawak ko si Lovemir, habang hawak niya naman ang baril. Hindi ko maintindihan ang dahilan nang pagtititigan namin pero tila naunawaan ko ang ibig niyong sabihin nang mag-usap ang mga mata namin! Sabay kaming napalingon kay Sensui saka muling nagkatinginan!

"Huwag!" sigaw ni Chairman Enrile na nakisabay sa pagbangon ko!

Naging mabagal ang lahat sa paningin ko! Binitiwan ko si Lovemir at saka ako patakbong lumapit kay Sensui. Humugot ako ng baril sa likuran ngunit hindi ko na nagawang lumingon pa, itinulak ko si Chairman Enrile para hindi siya magtagumpay sa paglapit sa apo. Tama ako, hindi ko kailangang mamili dahil kaya kong magligtas ng dalawang tao nang sabay. Ngunit ang hindi ko kaya ay ang isalba ang sarili ko. Dahil sa sandaling iyon nabaril na ako ni Chairman Rewis.

"Taguro..." Nagtama ang paningin namin ni Sensui. Gusto kong kuwestyunin ang matinding panghihina niya, hindi niya man lang magawang itayo ang sarili niya.

Sandali akong tumitig sa kaniya saka ako tumihaya papaharap kay Chairman Rewis. Gamit ang tuhod ay sinikap kong tumayo kahit mahirap. **"Gusto mo bang makita ang asawa mo?"** malumanay na tanong ko.

Natigilan siya at naguguluhang tumitig sa akin. **"N-Nasaan siya?"**

"Maxpein! Huwag!" sigaw ni Heurt, kasunod niyon ay narinig ko ang pagtakbo niya papunta sa gawi namin. Hindi ko siya pinansin, natuon ang paningin namin ng Chairman sa isa't isa.

"Sabihin mo sa akin, nasaan siya!" sigaw ni Chairman Rewis sa 'kin.

"Nasa impyerno," itinutok ko ang baril sa kaniya. **"Pinag-iinit ang silyang uupuan mo."** Saka ko pinaputok iyon na tumama sa mismong noo niya.

Napanood ko ang pagluhod ni Chairman Rewis habang nakatitig sa akin, pinanood ko ang lahat nang ikinilos niya bago siya tuluyang bumagsak.

Doon ko lang naramdaman ang pagod. Doon ko lang naramdaman ang sakit. Pakiramdam ko ay ilang araw akong nakipaghabulan sa mga ito. Putok na ang liwanag nang matapos ang lahat at hindi ko inaasahang mauuwi sa ganito.

Pero hindi pala ro'n matatapos ang lahat... Narinig ko ang tunog ng pana bago pa 'yon tumama sa akin. Narinig ko ang tunog niyon habang nasa

hangin. At hindi na ako magtatanong, wala akong karapatang manguwestiyon. Dahil alam ko na kung saan at kung kanino iyon nanggaling.

"Taguro!" naging malinaw ang pananalita ni Sensui nang mapanood ang sunod-sunod na pag-ubo ko ng dugo!

Panay na ang pagbaling ko sa kaliwa't kanan dahil sa sobrang pagkaliyo, nilalabanan ang tuluyang pagkawala ng malay.

"Taguro, gumising ka, Taguro!" paulit-ulit hinaplos ni Sensui ang mukha ko. **"Taguro!"** sigaw niya pero ang kaluluwa ko ay nakikipaglaban na sa katawan ko, nakikipag-agawan sa hiningang kailangan ko.

~ To Be Continued. . . ~

OceanofPDF.com

CHAPTER 226 : THE TRUTH 1

CHAPTER 226 : THE TRUTH
DEIB'S POV
"BABE..."

Wala akong nagawa kundi ang sabihin lang ang salitang iyon. Para akong baldado na pinanood lang ang dahan-dahang pagbagsak nang tuluyan ni Taguro. Nanlalaki ang mga mata niya habang hawak ang pana na 'yon na tumama sa kaniya.

"*Andwae*!" nang walang ano-ano ay sigaw ni Heurt!

Hindi ko lubos na naunawaan kung ano ang tinangka niyang pigilan, hindi ko maintindihan. Pero ang paraan niya nang pagkakasigaw ay gano'n. Nagmamadali! Nagagalit! Nakikiusap...

Bigla ay tumindi ang tensyon sa buong paligid. Naalerto na lang ako sa biglang pagkilos ni Taguro! At gano'n na lang ang pagkabigla ko nang magawa pang itayo ni Taguro ang sarili, hindi ko na inaasahan iyon. At ang mas nakakagulat pa ro'n ay nahuli niya sa sariling kamay ang isa pang pana na siya ang puntirya bago pa iyon tumama sa kaniya! Pana na hindi ko alam kung saan na naman nagmula. Pana na hindi ko na naman inaasahang tatama.

Nanginginig ang kamay ni Taguro at tutok na tutok ang paningin sa pana, na para bang magagawa pa niyong kumawala kahit hawak niya na. Hindi na maipaliwanag ang hitsura ng taong mahal ko. Ang pinaghalong pawis, dumi at dugo sa kabuuan niya ay binabago ang pagkakakilala ko sa kaniya.

"Maxpein..." Iyon na lang yata ang kaya kong gawin, ang tawagin siya nang tawagin.

Tumingin sa 'kin si Taguro, iyon na ang pinakamasakit na paraan niya nang pagkakatitig sa 'kin. Iyong tingin na para bang ipinagbabawal sa buong mundo na masaktan ako. Iyong paraan anng pagkakatitig na para bang kailangan niyang masigurong ayos lang ako. Bigla ay gusto kong hilinging masalin na lang sa 'kin ang sakit na pinagdaraanan niya.

Ang napanood ko na 'yon ay bago na naman sa maraming kilos na kayang gawin ni Taguro. Gusto kong malaman kung paano niya nalamang may paparating na panang tatama sa kaniya. Gusto kong usisain kung paano niya iyong napakiramdaman. Gusto kong sabihin niya sa 'kin kung paano niya pa nagawang itayo ang sarili niya sa kabila ng sugatan niya nang katawan. Napakarami niya nang naipakita sa 'kin at parati niya akong pinapahanga. Umusbong sa 'kin ang matinding paghanga. Humahanap ako ng dahilan sa kakaibang lakas at tapang niya. Sobra akong bumibilib na kay Taguro ko 'yon nakita. Napakasarap sa pakiramdam na ganito ang taglay niyang abilidad. At ang mga katangian niyang iyon ang kaibahan niya sa lahat.

Bigla ay bumagsak na lang si Taguro! Ang kalabog na idinulot nang pagkakabagsak niya ay naging sinlakas ng kalabog ng dibdib ko sa aking pandinig. **"Taguro..."** Gusto kong isigaw ang pagtawag sa kaniya.

Umubo siya nang umubo, may dugo nang tumatalsik mula sa bibig niya. Hindi na maipaliwanag ang kakaibang panlalaki ng mga mata. Maging ang kilos ng katawan niya ay estranghero na. Halatang naliliyo na siya sa hindi makitang dahilan. Mukhang nawawala na rin siya sa reyalidad. Sa sandaling 'yon pakiramdam ko ay naramdaman niya nang todo ang sakit at pagod na unti-unting tumatalo sa kaniya.

"Babe..." Nagsisimula na akong mag-alala sa posibleng mangyari sa kaniya. **"Babe, babe..."** Pilit kong inaabot ang kamay niya.

Dahan-dahang lumingon sa 'kin si Taguro. Hindi niya na magawang ituon nang maayos sa 'kin ang paningin. Hindi ko kayang pangalanan ang hitsura niya.

"Babe..." Wala na akong maibuhos pang emosyon. Lahat ay naipakita at nailabas ko na, at hindi ko na iyon gustong itago pa. Napakasakit niyang tingnan.

"Deib..." Nakita kong mangunot ang noo niya pero ang kasunod na emosyon niya ay nakakabutas ng puso. Sobrang sakit niyang panooring nahihirapan. At masakit sa parte kong wala pa rin akong magawa.

"Dadalhin ka namin sa ospital," hirap na hirap kong sabi. Ngunit hindi ko na sigurado kung nagawa niya pa 'yong pakinggan.

Umarko ang katawan niya patalikod, paniguradong gano'n na katindi ang naramdaman niyang kirot! Napasunod niya ang katawan ko, pakiramdam ko ay naramdaman ko rin ang sakit niyon. Ni hindi niya magawang sumigaw, pero sa mukha niya ay makikita ang matinding sakit na

pinagdaraanan. Gusto kong magmakaawa nang sandaling iyon na sana ay ako na lang ang nasasaktan. Hindi ko siya kayang titigan. Mahirap para sa 'kin na pinanonood ko lang siya.

"Maxpein!" palahaw ni Heurt.

Tumakbo papalapit sa amin si Heurt at padausdos na lumuhod sa harapan ng anak. Agad niyang hinablot kay Taguro ang hawak na pana. Napayuko siya at mabilis na pinangiliran ng luha, hindi malaman kung saan hahawakan si Taguro. Lalo akong naging emosyonal. Hindi agad rumehistro sa 'kin ang nangyayari. Bago 'yon sa 'kin, hindi ko kailanman naisip na posibleng mangyari.

"Maxpein," halos pabulong na lang na nabanggit ni Heurt ang pangalan niya. Nag-aalangang hawakan ang anak sa mukha pero sa huli ay hinawi ni Heurt ang ilang piraso ng buhok sa mukha ni Taguro. **"Maxpein, wake up, wake up,"** inalog-alog ni Heurt si Taguro.

Nanginginig na sumubok si Heurt na hawakan ang naunang pana na siya ring tumama kay Taguro. Nang hindi niya 'yon magawa ay saka siya humagulgol nang humagulgol sa pag-iyak. Kumuyom nang todo ang palad niya at sinuntok nang paulit-ulit ang sementong sahig.

Hanggang sa tuluyan nang bumigay si Heurt, nasasaktan ngunit galit na galit siya habang umiiyak. Iginagala niya ang paningin sa kabuuan ng anak niya nang paulit-ulit. Tinitingnan ang mga tama at sugat na tinamo ni Taguro. Hindi pa rin malaman kung saan hahawakan si Taguro ngunit makikita kung gaano niya kagustong tanggalin ang pana na iyon na nakatarak sa katawan nito.

"Maxpein..." Nakapikit kong binuhat ang sarili ko para lang makaupo at makatunghay sa kaniya. **"Maxpein!"** Lalo akong naging emosyonal. Kinuha ko ang kamay niya saka ako tuluyang yumukod papalapit sa mukha niya. **"Babe...babe..."** naluluha kong sambit habang inihahawak nang pilit ang palad niya sa pisngi ko. **"Babe, gumising ka, babe!"** sigaw ko, bigla ay namanhid ang kanina'y nakamamatay na sakit ng katawan.

"Maxpein!" tumakbo papalapit sina Randall at Yaz, paulit-ulit sa magkasabay na pagtawag.

Emosyonal na rin silang pareho nang makalapit pero hindi malaman kung ano ang gagawin. Natakpan ni Yaz ang sariling bibig at tahimik na lumuha, hindi makapaniwala. Si Randall naman ay naihilamos ang parehong kamay sa mukha saka iginala ang mga mata, para bang hinahanap

pa kung saan nagmula ang pana. Saka siya lumuhod sa harap ni Taguro at pigil ang emosyong minasdan ito.

"Maxpein?" maingat na hinawakan ni Randall si Taguro sa magkabilang balikat at tiningnan ang kabuuan ng mukha nito. **"Maxpein, wake up,"** pabulong niyang utos, ngunit mararamdaman kung gaano niya kagustong isigaw iyon. **"Maxpein, please wake up,"** pag-uulit niya pero walang nangyayari.

"Taguro, please," naisubsob ko ang mukha ko sa pisngi niya. **"Babe..."** Hindi ko napigilan ang sarili kong emosyon, sumabog ako sa hindi maipaliwanag na lungkot at takot, at hindi mapangalanang sakit.

Naramdaman ko ang pagkilos ni Heurt pero hindi ko na siya magawang lingunin, natuon ako kay Taguro. Hindi ko alam ang gagawin ko. Hindi ko alam kung ano ang iisipin ko. Basta na lang akong napaluha sa dahilan na hindi ko kailanman magagawang tanggapin.

Nag-angat ako ng tingin at dumapo iyon kay Chairman Enrile. Luhaan siyang tumingin sa 'kin, humihingi ng tawad. Ipinakita ko sa kaniya ang galit ko. Galit na hanggang tingin lang pero walang kapatawaran.

"You should have warned us!" nakabibinging sigaw ni Heurt. Sobrang nakabibingi na wala na akong ibang marinig kundi ang sarili kong ingay. Nakabibingi na nagawa akong palayuin sa kung ano ang nangyayari sa reyalidad.

Taguro... Sa loob ng isang segundo ay nagawang pabalikin ng sandaling ito ang lahat nang pinagdaanan namin ni Taguro. Ang lahat ng nangyari bago ko siya makilala, habang kinikilala ko siya, hanggang sa tuluyan ko siyang mahalin nang hindi pa rin lubong na nakikilala.

"Taguro... Taguro... Taguro..." Tuloy-tuloy ang paulit-ulit na pagtawag ko pero walang nagbabago. Hindi ko na magawang sabayan ang paligid ko, natuon na sa kaniya ang aking buong atensyon. **"Taguro..."**

Umiiyak na yata ang lahat sa katawan ko. Ang bawat parte ng sistema ko ay apektado. Maging sa isip ay umiiyak ako. Nagkamali na naman ako. Ang naramdaman ko kanina ay wala pa sa sakit na nararamdaman ko ngayon. Ang sakit na 'to ay pinagagalaw ako, pinahihinga, pinag-iisip, lahat, pero unti-unti na akong dinadala sa hukay.

"You know the rules, Heurt, *our* rules. God knows I did not want to do this, but I have to. And that kills me too."

Natigilan ako nang matindi. Maging ang pagtulo ng mga luha at paghikbi ko ay hindi kapani-paniwalang nahinto na lang bigla. Saka ako dahan-

dahang napalingon nang marinig ko ang papalapit na tinig at sunod-sunod na mga yabag. Napatitig ako sa nagmamay-ari ng linyang iyon at hindi makapaniwalang tumitig sa kaniya. Nagkasunod-sunod ang mabagal at malalim kong paghinga. Pinangingiliran ng luha habang ang tingin ay hindi maalis sa kaniya.

Nabuhay ang galit sa kalooban ko ngunit wala akong nagawa, wala rin akong nasabi. Ang galit ko ay ibinuhos ko sa masamang tingin. Tingin na nangunguwestiyon, naninisi, nagagalit, nanunumbat, kahit pa wala ako maski katiting na karapatan!

More... Hindi ako makapaniwala!

Humawak si Heurt sa mga kamay ni More at parang nauupos na kandilang napaupo papayuko sa harapan nito. **"Bakit kailangang pairalin mo ang batas sa sarili mong kadugo, sa sarili mong anak, Maximor!"** halos pumiyok sa pagpalahaw si Heurt, matinding emosyon ang bumuhos sa bawat salitang isinigaw niya. **"Sa sarili mong anak, More..."**

Dahan-dahang napaupo si More para aluin si Heurt. Ngunit kahit ano yata ang gawin niya, ito ang sakit na kahit na ano o sino ay walang magagawa. Walang salitang makapagpapaliwanag sa pakiramdam. Walang salitang makapagpapabawas sa sakit. Walang salitang makapagpapabago sa kung ano ang pinagdaraanan naming pare-pareho.

"Ito ang isa sa mga bagay na hindi maiintindihan ng gaya mong hindi myembro ng organisasyong kinabibilangan namin, Heurt," malumanay ngunit emosyonal 'yong sinabi ni More, kahit na sinong makarinig ay tatamaan.

Noon ko lang siya makitang masaktan, at totoong napakatindi nang sakit na nakikita ko kay More. Hindi ako sanay. Pero nangingibabaw sa 'kin ang galit at pagtatanong. Hindi ko siya naiintindihan. Hindi ko matanggap ang dahilan niyang iyon. Lalo akong nadagdagan ng tanong.

"At ang pangyayaring ito ay isa sa mga sinumpaang batas ni Maxpein, Heurt. Bago pa tayo makarating dito, bago pa man niya gawin ang mga ginawa niya, alam niya nang ganito ang mangyayari sa huli. At alam kong tanggap niya iyon."

"Ngunit bakit ikaw! Bakit ikaw!" sigaw ni Heurt sa mismong mukha ni Heurt.

Pinagsusuntok niya si More sa dibdib at iba't ibang parte pa ng katawan nito. Makikita kung gaano iyon kalakas base sa pagpipigil ng balanse ni More. Mahahalata ring gusto niya nang pigilan si Heurt, nasisiguro kong

pisikal din siyang nasasaktan dahil do'n. Pero iyon na lang ang pwedeng iganti ni Heurt sa kaniya dahil sa ginawa niya sa sarili nilang anak.

Tinanggap lang 'yon ni More pero makikita kung gaano rin siyang nasasaktan. Higit marahil na nasasaktan kompara sa amin na nakasaksi lang, lalo pa't siya mismo ang gumawa. Pero sinuman ang higit na nakararamdam ng sakit, walang katumbas ang nararamdaman ng bawat isa.

Emosyonal na napatitig si More kay Heurt. **"I'm so sorry, Heurt."** Hindi na halos masabi nang ayos ni More ang mga salita dahil sa sobrang pag-iyak.

"Bakit ikaw?" hindi na mapangalanan ang ibinubuhos na emosyon ni Heurt. **"Bakit ikaw! Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang ikaw! Anak mo siya, More... Anak mo siya!"** luhaang patuloy ni Heurt.

Sunod-sunod ang pag-iling ni More, sinusubukang pigilan ang luhang bumigo naman sa kaniya. **"Ito ang batas namin, Heurt. Ganito kasakit ang kapalit ng isang pagkakamali sa amin."**

"Wala kang puso..." nasasaktang ani Heurt. Kakaiba ang sakit na pinagdaraanan niya bilang isang ina.

"Mahal namin ang organisasyon, Heurt. At bukal sa puso namin ang sumunod," mariin ang pagkakabulong ni More, nagmamakaawa ng pang-intindi. **"Hindi mo alam kung gaano katinding paghihirap ang pinagdaanan ni Maxpein, emosyonal at pisikal, para pigilan ang sarili niyang manakit ng kapwa. Pero ang isang ito ang limitasyon niya. Tayo ang limasyon niya, Heurt. At kahit alam niya kung ano ang mangyayari sa kaniya, handa siyang ibuwis ang sarili niyang buhay, matahimik lang ang mga taong mahal niya."**

Hindi ko magawang intindihin ang linyang iyon. Walang katarungan, walang hustisya. Hindi katanggap-tanggap kahit pa gaano kalalim kong isipin.

"Pero hindi mo alam kung gaano niya kagustong mabuhay para sa taong mahal niya." Tahimik na iyong sinabi ni Heurt. Pigil ang mga luha ngunit nagbabadya. Humihikbi ngunit tahimik. Galit ngunit kalmado.

Napatitig ako kay Heurt. Ang luhang iyon na umukit sa mga mata ko ay may halong sakit.

Pakiramdam ko ay ako ang tinutukoy ni Heurt, dahilan para lalo akong maluha. Pinahid ko ang luha ko para muli lamang lumuha. Gusto ni Maxpein na mabuhay para sa taong mahal niya. Naiisip ko pa lang ang kagustuhan ni Maxpein na mabuhay para sa 'kin ay para na akong

dinudurog nang buhay, nang humihinga. Ano ang pakiramdam no'n? Iyong gusto mong mabuhay para sa taong mahal mo pero unti-unti ka nang namamatay. Gusto kong malaman kung ano ang pakiramdam no'n.

Napatitig ako kay Taguro para lamang maging mas emosyonal pa. Napakasakit unawain ng mga salitang binitiwan ni Heurt. Pero hindi kapani-paniwalang may kung anong haplos sa puso ring dulot 'yon.

Ngayon ay nauunawaan ko na kung bakit ganoon nga kagaling si Taguro pero ang lahat ay pinalalampas niya. Ngayon ay naiintindihan ko na kung bakit mas pinipili niyang kawalan ng interes ang mga bagay na nakagagalit. Ngayon ay napagtanto ko na kung bakit masyado siyang malihim. Ngayon ay alam ko na kung bakit gano'n ang personalidad at pagkatao niya, masiyadong malayo sa normal at madalas kong makita sa kakilala.

Dahil kung sasabihin niya ang dahilan ng lahat ng kilos niya ay paniguradong walang makaiintindi sa kaniya. Gaya ko na kahit anong paliwanag at pag-iisip ay hindi ko matanggap, hindi ko maintindihan.

Napapailing na tumitig si Heurt kay More, magkasabay ang pag-iling at pagluha. Pero ang paningin ni More ay napunta na kay Maxpein. Iyon na ang pinakamasakit na paraan nang pagtingin ng ama sa anak niya. Sa tingin pa lang ay parang nagsisisi na siyang sa gano'n humantong ang lahat. Sa pagpatak pa lang ng luha niya ay para bang hinihiling niya nang sana ay magkapalit na lang ang sitwasyon nila. Pero ang pagsisisi sa nagawa ay hindi ko makita kay More. Dahil ang sakit na makikita sa kaniya ay pagtanggap sa nagawa.

Binitiwan ni More ang mga braso ni Heurt at saka marahang humakbang papalapit kay Taguro. Matagal siyang tumitig sa kabuuan ni Taguro bago niya nagawang lumuhod at nakayukong humagulgol sa harapan nito.

Hindi ko pa rin malaman kung ano ang sasabihin, gagawin o mararamdaman. 'Ayun na naman ako at nanonood lang. Nasasaktan pero walang ikinikilos. Mahina, inutil at duwag.

"Maxpein..." Mas matindi ang emosyon na kumawala kay More nang banggitin ang pangalan ni Taguro. Nahawa ako at nagtuloy-tuloy ang luha ko kahit anupang galit ang meron ako. **"Maxpein...my daughter..."** Yumuko siya sa mga tuhod ni Taguro at doon umiyak nang umiyak.

Gusto ko siyang kuwestyonin. Pero paulit-ulit na isinisigaw ng isip ko na kung nasasaktan ako ay higit na nasasaktan siya bilang ama. Dagdag pa sa sakit na nararamdaman niya ang katotohanang isa na rin siya sa dahilan kung bakit nasa ganitong sitwasyon si Taguro ngayon.

Hindi nagtagal ang pagluha ni More. Luhaan siyang nag-angat ng tingin at itinuon iyon sa kung saan sa itaas. Nanlalabo man ang mga mata ko ay sinundan ko ang tingin niya. At agad akong natigilan at kinilabutan nang makita ko ang apat na ginang na tanging ang mapupusyaw ngunit manilaw-nilaw na mukha ang makikita.

Who...are you?

Kakaiba sa pakiramdam na malaman mong meron palang nanonood sa 'yo nang hindi mo nararamdaman at hindi mo nakikita. Iyong deretso kang pinapanood pero nananatiling sikreto. Sila lang ang nakakakita.

Tinubuan ako ng panibagong tanong sa isip. Hindi ko magawang alisin agad ang tingin sa kanila. Gusto kong alamin agad ang katauhan nila pero may kung ano sa 'king nahuhulaan na kung sino sila.

Hindi ko maipaliwanag ang mga hitsura nila. Hindi nakakatakot pero nakapaninindig ng balahibo. Kagalang-galang sa hindi maipaliwanag na dahilan. May kung ano sa mga titig nilang hindi ko maipaliwanag. At kung hindi ako nagkakamali ay hindi nalalayo kay Taguro ang dating nila. Maangas. Nakapaninindak. Nababalutan ng misteryo.

Pawang may mga edad na, halos puti na ang buhok ng ilan. Singkit ang mga mata. Nakasuot ng pare-parehong itim at hanggang tuhod na coat na may mahahabang mga manggas, na siya ring bumabalot sa kabuuan ng katawan nila. Maging ang sapatos nilang gawa sa balat ng hayop ay umaabot sa tuhod. Bukod sa buhok at mukha ay wala nang ibang makikita sa kanila. Maging ang kamay nila ay may balot na itim.

Madaling pag-aralan ang mga hitsura nila dahil hindi gaya kanina ay maliwanag na ang buong lugar. Hindi ako makapaniwalang natapos na ang gabi at inabot kami ng umaga. Sa isang tingin ay nasisiguro ko ang lahi ng mga ginang na ito.

Huminto sa pagluha si More pero nananatiling nakatingala sa mga ginang. Para bang nagagawa nilang magsipag-usap gamit ang mga tingin. Hindi ko maintindihan. Ang tinginan nila ay may kasamang unawaan. Nagkakaintindihan na sila sa gano'ng paraan palang.

Si Heurt naman ay nanggigigil sa pagpipigil ng galit habang nakahawak sa paanan ni Taguro. Ang matatalim niyang mata ay nanlilisik bagaman nagpapatak ng luha. Tiningala niya rin at sinamaan ng tingin ang mga ginang. Wala akong kasiguraduhan kung kilala niya ba ang mga ito.

Ako naman ay naestatwa sa hindi na maintindihang nangyayari. Hindi ko kilala ang mga ginang na iyon pero nararamdaman ko na kung sino sila.

Nahuhulaan ko na kung saan sila nagmula.

Pero walang sali-salitang naglakad ang mga iyon nang magkakasunod, pantay na pantay. Hanggang sa mapunta sa sila sa pinakamadilim na parte ng lugar na iyon at hindi ko na maaninag pa.

Nilingon kong muli si More, sinalubong niya ang tingin ko. Ngunit magsasalita na sana ako nang biglang kumabog nang malakas ang dibdib ko! Nanlaki bigla ang mga mata ko at mabilis kong nasapo ang parteng 'yon ng katawan ko.

"Deib!" dinig kong sigaw ni Randall. Pero huli na. Nagdilim na ang paningin ko at wala na akong naramdaman pa.

"MAXPEIN..."

Nagising ang diwa ko at naramdaman ko ang paulit-ulit na pagpaling ng ulo ko sa kaliwa't kanan. Para akong binabangungot. May nararamdaman akong bigat sa dibdib ko. Hindi iyon masakit pero hindi ko kaya ang bigat. Gusto kong gumalaw para maalis 'yon sa ibabaw ko pero hindi ako hinahayaan ng katawan ko.

Biglang nangibabaw ang malakas na tunog ng alarm. Tuloy-tuloy at hindi humihinto habang kumikilos ako. Nang magmulat ako ay halos manlabo ang paningin ko sa matinding liwanag. Malamig ang paligid pero nararamdaman ko ang init ng aking katawan. Habol ko ang hininga, hinang-hina, hapong-hapo kahit mukhang magdamag akong nakahiga. Tumingin ako sa kaliwa at kanan pero wala akong nakita.

"Taguro..." mahinang bigkas ko.

Kasunod niyon ay bumukas ang pinto at ibinuwal si mommy. Nahinto siya sa kinatatayuan at natakpan ng dalawang kamay ang bibig. Umiiyak na agad siya habang nakatingin pa rin sa akin. Saka siya tumakbo papalapit ngunit pinigilan ang sariling yumakap.

"Deib Lohr..." Papaluhod siyang naupo sa tabi ng kama at nilingon ang kamay ko.

Nanginginig ang kamay niya habang inaabot ang sa 'kin. Pumatak nang magkakasunod ang luha niya nang sa wakas ay magsalikop ang mga daliri namin.

Hindi ko inaalis ang paningin sa mommy ko kahit pa sa gilid ng paningin ko ay alam kong paparami na nang paparami ang tao. Nanatiling nakatagilid ang ulo ko, nakatingin kay mommy, pinanonood siya habang ang isip ko ay naggagala na at nagtatanong. Naghahanap sa kung saan posibleng naro'n si Taguro.

"Alam mo ba kung gaano kasaya si mommy dahil gising ka na, anak?" panay ang paghikbi niya sa bawat pagitan ng salita. **"Masayang-masaya si mommy, anak. Masayang-masaya."** Panay pa rin ang pagluha niya.

"I can see that," pinilit kong ngumiti. Nakikita ko talagang masaya siya. Kaya imbes na magtanong ay inintindi ko na lang muna siya. **"I'm in the hospital again, I'm sorry."** Hindi ko alam kung bakit kailangang maging emosyonal agad ako. Nagkusa 'yon.

Tumango-tango si mommy. **"It's okay, anak. I'm just so happy that you're awake na."** Nakangiti siyang lumuha. **"Pero mas magiging masaya si mommy kung sasabihin mong okay ka na, how are you feeling, anak?"**

"I'm feeling okay, mom." Ngumiti ako.

Nakangiti siyang tumitig sa 'kin pero tuloy-tuloy ang pagtulo ng luha niya. Ang mga ngiti niyang hindi umaabot sa mata ay nakakakaba. Pinahid niya ang sariling luha saka pinilit muling ngumiti sa 'kin. Pero nabigo siya dahil nagtutuloy-tuloy pa rin ang luha niya, wala nang hinto, at hindi na 'yon normal para sa 'kin.

Nangunot ang noo ko. Wala pa man ay naiinis na ako. **"Nasa'n si Taguro?"** Hindi ko na kinaya. Kailangan ko nang malaman kung nasa'n siya.

Nakagat ko ang sarili kong labi nang yumuko si mommy sa magkahawak naming kamay at doon umiyak nang umiyak. Gusto ko nang magalit. Gusto kong malaman kung nasaan siya pero sasagutin ako ng gano'ng aksyon. Hindi nila maiintindihan ang galit na 'yon dahil hindi nila alam ang pakiramdam.

Ipinilig ko ang ulo ko at tumingin kay *Noona*. Maging sila ni daddy ay hindi ako magawang tingnan nang deretso. Sina Tob at Lee, na hindi ko inaasahang nando'n, ay iniiwasan ang tingin ko. Sila lang ang tanging nando'n.

"Mommy," pagtawag ko nang nakatingin sa kisame. **"Alam mong kapag nasa ganitong sitwasyon kami, siya agad ang hinahanap ko, 'di ba?"** gumagaralgal ang tinig ko.

Ayaw kong mag-isip nang kung ano. Kinakabahan ako sa posibleng marinig kong sagot, nag-aalala ako nang sobra, pero 'yon ang kailangan ko. Ang marinig kung nasaan siya.

Natatakot ako...baka hindi ko na naman malaman kung nasaan ka, babe.

"Mom..." Nasapo ko ang ulo kong nagsisimula nang sumakit.

Hindi niya pa ako sinasagot ay bumukas ang pinto at pumasok si Heurt. Hindi maipaliwanag ang hitsura niya. Mukhang pagod na pagod at kulang sa tulog. Gusto kong manlumo dahil sa hitsura niya.

"Nasa'n si Taguro?" emosyonal nang tanong ko.

"Tatlong araw ka naming hinintay na magising," pilit ang ngiti ni Heurt. **"Kumusta ang pakiramdam mo?"**

Nakapikit akong umiling nang umiling. Pinahid ko ang mga naipong luha sa dalawang magkabilang gilid ng mata ko. **"Gusto kong makita si Taguro, at umaasa akong makikita ko si Taguro!"** Pakiramdam ko sa mga sinasabi niya ay iniiwas nila sa kaniya ang usapin.

"Deib..." Lumapit sa 'kin si Tob. **"'Dre..."**

"Tob," hinawakan ko ang kamay niya. Kunot na kunot ang noo ko, salubong na salubong ang mga kilay sa inis. **"Gusto kong makita si Taguro, Tob,"** nakapikit kong sabi, garalgal ang tinig.

"Kailangan mo pang magpalakas, 'dre," mahinang sabi niya, nagpapaintindi.

Inis akong nagmulat at pasinghal na tumingin sa kaniya. **"Hindi na 'ko gagaling sa sakit ko--lumakas man ako o hindi! Sakit ko na 'to, Tob!"**

Sa halip na sagutin ako ay nagbaba lang siya ng tingin at iiling-iling na lumayo sa 'kin. Tumalikod siya sa gawi ko at humarap na lang sa bintana. Nilingon ko si Lee at maging siya ay halatang hindi malaman kung ano ang sasabihin. Nag-aalangang lumapit sa 'kin dahil paniguradong alam niya nang gano'n din ang mga salitang matatanggap sa 'kin.

"Dad..." baling ko dito. Pero naihilamos niya lang ang mga kamay sa mukha at bagsak ang mga balikat akong tinalikuran.

"She's..." si *Noona* ang nagsalita at dagli ko siyang nilingon.

"She's what?" Halos mapatayo ako sa pagtatanong. **"She's...what, *Noona*?"**

"Deib Lohr," agad na lumapit sa 'kin si daddy at marahan akong pinahihiga ulit. Pero inalis ko ang mga kamay niya sa magkabilang balikat ko nang hindi inaalis kay *Noona* ang tingin.

"*Noona*?" paghahanap ko ng sagot. **"Nasa'n siya? Nasaan si Maxpein?"**

"She's...not yet...okay," hirap na hirap iyong sinabi ni *Noona*.

She's alive... Sandali akong natigilan. Pakiramdam ko ay sandaling huminto sa pagtatrabaho ang puso ko.

Hindi ko malaman kung bakit nakahinga pa ako nang maluwag sa kabila nang sinabi niya. Masama ang naisip ko kanina at talagang nagpapasalamat pa ako sa gano'ng sagot ni *Noona*.

"I want to see her," tiningnan ko silang lahat matapos sabihin 'yon. Hindi ako nakatanggap ng sagot.

Lahat sila ay hindi ako magawang tingnan nang deretso. Mas hindi nila magawang kausapin ako. Hindi ko maintindihan ang mga inaakto nila. Lalo akong nalilito at nag-iisip ng kung ano-ano. Sa nangyari, sa mga tinamo ni Taguro, hindi normal ang hindi mag-aalala sa kaniya.

Maiisip ko palang kung gaano kalalim ang panang tumama sa kaniya... Napapikit ako sa alaala. Maging ang hitsura niya habang iniinda ang sakit, habang pinipilit pa ring bumangon, lahat ay nakarehistro na sa utak ko at masakit para sa 'king balikan.

"I'll take you there," prisinta ni Heurt.

Nilingon siya ng lahat at binigyan ng nangunguwestiyong tingin. Nanatili sa 'kin ang paningin ni Heurt, sinserong-sinsero. Sa isip ko ay pinasalamatan ko siya sa pag-intindi sa 'kin. At dahil desidido ako, maging si Heurt, na pumunta kay Taguro ay walang nagawa ang pamilya at mga kaibigan ko.

Hindi naging mabilis. Matapos ang pamilya ko ay pumalag sa plano ko ang doktor ko mismo. Napakarami nitong sinabi para lang huwag akong mapaalis sa kama. Pero sa huli ay wala siyang nagawa kundi ang magbitiw nalang ng babala tungkol sa pwedeng mangyari sa katawan ko.

Ilang nurses at doktor ang kinailangang tumulong sa 'min para maiupo ako sa wheel chair. Nainis ako, pakiramdam ko kasi ay gano'n na kalala ang sakit ko at ipinamumukha nila sa 'kin 'yon.

Wala akong nararamdamang sakit sa dibdib. Kung meron man akong nararamdaman ay nasa ibang parte 'yon ng katawan ko. Pagod, iyon ang nangingibabaw sa 'kin ngayon. Maging ang tulog ay nasisiguro kong kailangan ko. Pero hindi gano'n katindi 'yon para tratuhin nila ako na parang baldado. Alam kong kaya kong tumayo nang mag-isa. Matinding pagod ang nararamdaman ko, naghahabol din ako ng hininga, pero kaya ko. Kayang-kaya ko. Sigurado 'yon. Pero dahil ang mahalaga sa 'kin ay ang makita si Taguro, hindi ko na 'yon pinansin pa.

Sa labas ng kwarto ay do'n ko nakita si Lolo Dei Min, napatayo siya matapos akong makita. Mabilis na nangilid ang luha niya pero gano'n kabilis niya rin 'yong napigilan. Lumapit siya at yumakap sandali sa 'kin.

Tinapik niya ang balikat ko at nakangiting tumango-tango. Walang namutawing salita mula sa kaniya, pero mababasa sa ekspresyon ng mukha niya kung gaano siyang nagpapasalamat at humihingi ng tawad. Gano'n lang si lolo, pero alam ko kung gaano siya kasayang makita ulit ako.

Nando'n din si Randall na pinipilit ngumiti pero halatang malungkot, nag-aalala at pagod pa rin. May saya man akong mabasa sa mga mata niya, marahil ay dahil nakita niya akong gising na.

Gusto kong itanong kung nasaan si Chairman Enrile. Pero ayaw kong isipin nilang kaya ko hinahanap ang Chairman ay dahil wala na akong nararamdamang galit para sa dito. Natatandaan ko ang mga nangyari, maski isa sa mga 'yon ay wala akong makakalimutan. Hindi iyon magbabago kahit na tatlong araw na ang nakalipas gaya nang sinabi ni Heurt. Mas hindi ko pa nga pinaniniwalaang tatlong araw na ang lumipas. Parang kanina lang nangyari ang lahat sa sobrang linaw.

Ipinagtaka ko rin ang sobrang katahimikan ng buong hallway. Nasanay akong may naririnig kahit kaunting ingay mula sa mga makina at kung ano-anong alarm na meron sa ospital. Pakiramdam ko tuloy ay okupado namin ang buong floor na 'yon. Na walang ibang naka-confine doon maliban sa pamilya ko at pamilya ni Taguro.

Dahil sa naisip ko ay napansin ko ang kawalan ng presensya ng mga Moon. Nasanay akong sa t'wing nasa ganitong sitwasyon ako, kami, ay sila ang sunod kong makikita matapos ng pamilya ko. Bukod kay Heurt ay wala na akong nakikitang myembro nila, ng pamilya nila. Gusto kong magtanong. Pero pinipigilan ako nang matinding kaba at katahimikan ng paligid.

Sa ugali at personalidad ng mga Moon, paniguradong may pinagkakaabalahan na naman sila. Doon pumasok sa isip ko ang mga Rewis, sina Cargosin at Eerah Anitha. Posibleng inaasikaso ng Moon ang mga ito.

"Nasa ICU siya," mahinang sabi ni Heurt, natinag ako sa malalim na pag-iisip. **"Hindi pa siya nagigising, may tatlong araw na rin,"** dagdag niya.

Naipatong ko ang siko ko sa armrest at naitakip ang kamay ko sa bibig. Hindi ko magawang tingnan ang napakaraming staff na sunod-sunod nagsipaglabasan sa sa hallway para tingnan ako. Kapani-panibago ang dami nila, para bang sobrang espesyal ng mga naka-confine. Para bang isa akong

artista na noon lang nila nakita. Hindi ko sila tinapunan man lang ng tingin, natuon ang paningin ko sa dulong pinto ng hallway na iyon.

Hindi ko gusto ang pakiramdam. Naalala ko bigla ang hitsura ni Tob no'ng siya ang na-ICU, na may nakakabit na napakaraming tubo at makina sa katawan. Naalala ko rin si Chairman Moon, at ang paghihirap ng mga doktor na kabitan ito ng kung ano-ano dahil sa sunog na sunog na balat ng senyor. Naiisip ko pa lang na gano'n din ang hitsura ni Taguro ay nanlulumo na ako. Kahit pa alam kong malayo sa nangyari sa mga nauna ang nangyari sa kaniya.

Kumatok si Heurt sa pinto at pinagbuksan siya ng nurse. Sandali silang nag-usap at mayamaya lang ay pinatuloy na kami. Napakaraming seremonyas bago ko tuluyang nasilip ang kama ni Taguro, may isa pang kwarto sa loob ng ICU. At sa salamin ko lang nakikita si Taguro. Wala pa man ay tumindi na ang pagiging emosyonal ko.

Hindi gaya nang inaasahan ko, tanging dextrose lang at clip na nasa daliri ang nakita kong nakakabit sa kaniya. Marami pa rin namang makinang makikita sa kwarto, pero hindi ako sigurado kung alin at ilan sa mga iyon ang nakakabit sa kaniya ngayon. Hindi ko tuloy maintindihan kung bakit kailangang dito pa siya magkwarto.

Payapa ang pagkakahimbing ni Taguro. Ang kamay niyang naka-dextrose ay nakapatong sa bandang tiyan niya, hanggang doon din ang kumot na nakatabing sa katawan niya. Malinis siyang tingnan kahit pa may mga sugat at pasa na siyang nagpaparumi sa kaniyang mukha. May gasa rin siya sa noo at meron pa sa bandang likuran ng ulo.

"Kaka-extubate niya lang," nagsalita si Heurt pero hindi ko nagawang alisin kay Taguro ang paningin ko. Hindi ko rin siya naintindihan. **"Kinailangan niya kasing kabitan ng tubo. Ang sabi ng mga doktor ay tinamaan ang kaliwang baga niya at halos bumigay na. At matindi ang naging epekto no'n para mahirapan siyang huminga."**

Nangunot ang noo ko sa pag-aalala dahil sa mga sinabi ni Heurt. Para bang gusto kong magpasalamat na hindi ko nakita ang gano'ng paghihirap ni Taguro. Pero mas ipinagpapasalamat kong wala akong makita ni isang bakas nang paghihirap na pinagdaanan niya sa kaniyang mukha.

Habang pinagmamasdaan ko siya ay unti-unting humupa ang pag-aalala ko. **"Gusto kong pumunta sa tabi niya,"** sinabi ko 'yon nang hindi pa rin inaalis ang paningin kay Taguro.

"Ah, yes, sir," natagalan sa pagsagot ang nurse, nag-aalangan din ang tinig niya. Hindi ko alam kung bawal ba 'yon pero hindi naman siguro ako papayagan kung hindi pwede. Maliban na lang kung may isinenyas dito si Heurt dahilan para mapilitan itong hayaan ako.

Ilang saglit din bago ako tuluyang nakapasok. Ang kaninang kaba ay biglang nanumbalik. At hindi ko maintindihan kung bakit kinakabahan ako nang sobra. Posibleng natatakot ako sa totoong sitwasyon niya. Alam ko kasi kung para sa anong uri ng sakit ang kwartong ito. Malayo sa normal na private room o executive room na ginagamit ko at ng pamilya ko sa t'wing maoospital kami.

Pinagmasdan ko ang kabuuan ni Taguro. Para lang siyang natutulog. Makailang beses ko pang pinanood ang pag-angat ng tiyan niya, para masigurong humihinga siya. Nakakapraning ang gano'ng sitwasyon ni Taguro. Hindi na ito ang unang beses na makita ko siyang nakaratay sa hospital bed. Pero ang pinagdaanan niya ngayon ay doble o baka triple pa nang pinagdaanan niya sa nakaraan.

"Babe," pagtawag ko nasa paanan pa lamang ako ng kama. Isinenyas ko sa nurse na ilapit pa ako hanggang sa makarating ako sa ulunan ng kama.

May isang dipa siguro ang layo ko sa kaniya, nasa wheel chair ako at malaki ang kama niya. Sinikap kong tumayo at lumapit nang tuluyan. Gaya ni mommy ay bahagya akong naupo. Ipinatong ko ang pareho kong kamay sa kamay ni Taguro. Saka ko ipinatong doon ang mukha ko papaharap naman sa mukha niya.

"Taguro..." Iniangat ko ang braso ko at hinaplos siya sa noo hanggang sa buhok. **"Babe...gising na,"** emosyonal ko pa ring sabi. **"Babe, please wake up. Come back to me, Maxpein,"** mas emosyonal ko pang bulong habang paulit-ulit siyang hinahaplos sa noo.

Matindi ang halo-halong pakiramdam. Nasisiguro kong malulungkot ako kung nang magising ako ay nalaman kong wala na naman si Taguro. Nasanay akong gano'n sa t'wing malalagay kami sa ganitong sitwasyon o kapahamakan. Pero iba pala talaga ang pakiramdam kapag nakikita ko siyang mahina. Napakahirap. Mas gusto kong makita siyang malakas, na sa sobrang lakas ay nagagawa niyang magyabang.

Sa ganitong lagay niya ay imposible niyang magawa lahat iyon. Dahil maging ang imulat ang sarili niyang mga mata ay hindi niya kaya.

Hindi ko na masiguro ngayon kung ano ang mas masakit, iyong magising nang wala siya o magising nang nandito nga siya pero nahihirapan nang

sobra.

"Babe..." muling pagtawag ko. **"I love you, babe. Open your eyes. Wake up for me please? Please..."** Sa sandaling iyon ay kinuha ko ang kamay niya at inihaplos 'yon sa pisngi ko. Patuloy pa rin ako sa paghaplos sa noo niya hanggang sa hindi ko na kinaya. Napayuko ako at napaluha. Sinilip ko ang mukha niya nang basang-basa ang mukha ko.

Hindi ko napigilan ang pagtuloy-tuloy ng mga luha ko habang pinagmamasdan ko ang mukha niya. Hindi ako makontentong nakikita ko lang siyang humihinga. Gusto kong masigurong ayos lang siya. Gusto kong malaman kung ano ang nararamdaman niya. Gusto kong gumising na siya.

"Taguro, babe..." Paulit-ulit kong dinampian ng halik ang likod ng kamay niya at parang batang niyakap-yakap 'yon. Doon ko na rin ibinuhos ang ayaw magpapigil kong emosyon.

Gumalaw siya!

Hindi ko maipaliwanag ang gulat at pagkamangha nang maramdaman ko ang pagkilos ng isa sa mga daliri ni Taguro. Natigilan ako sa lahat at napatitig sa kaniya. Ngunit walang nagbago sa hitsura niya.

Hindi ako pwedeng magkamali dahil naramdaman ko 'yon bagaman saglit lang, kulang ang segundo. Hindi rin iyon gano'n kalakas pero sapat na para buhayin ang pag-asa at pawiin ang kaba ko.

"Babe," lalo akong lumapit, halos ingudngod ang mukha sa kaniya. **"Babe,"** hindi ko malaman kung saan ko siya unang titingnan.

Nag-angat ako ng tingin kay Heurt at gulat na rin siyang nakatingin sa 'kin. Nagtatanong ang mga tingin niya, tanong na kung ano ang nangyayari at kung dapat bang pumasok na siya. Umiling ako nang umiling, huminto ang mga luha ko, nagpapalitan ng tingin sa mag-ina.

"Gumalaw siya," mahinang sabi ko kay Heurt, habang dahan-dahang tumatayo. **"Gumalaw si Maxpein,"** alam kong hindi niya ako maririnig dahil sa salaming pagitan namin. Pero nasisiguro kong nabasa niya ang labi ko. Muli akong bumaling kay Taguro. **"Babe, babe,"** paulit-ulit kong pagtawag.

Hindi ako binigo ni Taguro. Sa pagkakataong iyon ay gumalaw na naman ang hintuturo niya at hindi ko napigilan ang sarili kong manabik. Pinahiran ko ang mga luha ko at yumuko papalapit sa mukha ni Taguro.

Mabilis na pumasok si Heurt at halos takbuhin ang tabi ng anak. Hinawakan niya ang ulo ni Taguro habang hawak din ang isang kamay nito.

"Maxpein?" hinaplos niya rin ang pisngi ni Taguro, halos isubsob din ang mukha sa anak. **"Maxpein?"**

"Babe..." namamanghang sabi ko nang unti-unti ay iminulat ni Taguro ang mga mata.

"Maxpein..." emosyonal na pagtawag ni Heurt. **"Gising ka na."**

Napaungol si Taguro, 'yon ang unang tunog na ginawa niya. Mahina pero nakakapag-alala. **"May masakit ba sa 'yo, babe?"** tanong ko, nauutal.

Hindi niya ako sinagot, panay ang pagbaling ng ulo niya sa kaliwa't kanan nang nakapikit. Gano'n din marahil ang nangyari sa 'kin kanina.

"Babe..." Hinawakan ko siya sa magkabilang pisngi. **"Babe, sabihin mo sa 'kin kung ano ang nararamdaman mo."** Dahan-dahan siyang nagmulat. **"Babe..."**

Tumitig siya nang deretso sa 'kin nang bahagyang nakakunot ang noo. Gumagalaw nang kaunti ang ulo niya na para bang inaaninag ang buong mukha ko. Para bang hindi ako makilala. Hinawakan ko siya sa pisngi at wala sa sariling dinampian ng halik sa labi. Gusto kong maluha nang biglang sumilay ang nakakalokong ngisi sa kaniyang mukha.

"Taguro..." nanlulumo kong saway sa kaniya. Hindi ko makuhang magalit.

"Maxpein," pagtawag ni Heurt. **"Kumusta ang pakiramdam mo?"**

"Not okay," namamaos ang boses niya, napakahina at halatang hirap. **"Pero kailangan ko nang gumising."** Marahan niya akong sinulyapan. **"Sa dami nang gumising sa 'kin, sa 'yo lang ako nagmulat."**

Napangiti ako. Nagyayabang na naman kasi siya. Paano niya nalaman na maraming gumigising sa kaniya, eh, tulad ko ay ngayon lang siya gumising. Hindi na ako nagtanong pa dahil panigurado namang iyong talento niya sa pakiramdaman ang ipagmamalaki niya.

"Pagmulat ko ay ikaw rin ang hinanap ko, babe." Nginitian ko siya. Pero hindi kayang itago ng ngiti na iyon ang tunay kong nararamdaman. **"Natakot ako, Maxpein..."** Unti-unti akong yumuko papalapit sa kaniya. **"Natakot akong paggising ko ay hindi na kita makikita."** Pinagdikit ko ang mga noo namin saka ako pumikit para mapigilan ang mga luha ko.

Nasanay na nga talaga akong nawawala siya matapos ang ganitong sitwasyon. Pumupunta sa Korea at hinahanap ang sarili niya.

Sandali kaming nanatiling gano'n, tahimik. Maski si Heurt ay hindi nagsalita, nirespeto ang sandali namin ni Taguro. Hindi ko mapigilan ang emosyon ko. Noon ko lang ulit naramdaman ang pagod. Pero ang pagod na

'yon ay kaya kong dalhin, buhatin, harapin, at palipasin. Dahil ang pagod na 'yon ay nasisiguro kong katapusan na ng lahat.

"Sensui..." mahina pa ring sambit niya mayamaya.

Umayos ako ng upo at tinitigang maigi ang mukha niya. **"Babe..."**

Tumitig din siya sa 'kin, pinasadahan ng tingin ang kabuuan ng mukha ko. Maging ang paglunok niya ay nakikita ko dahil sa sobrang lapit ng mukha naming pareho. Matamlay ang mukha niya at mapungay ang mga mata. Napailing ako sa lungkot na idinulot sa 'kin ng hitsura niya.

"Babe?" pabulong ko uling sabi.

Kinuha ko ang kamay niya at nakapikit na dinampian ng halik ang likuran niyon. Nagiging emosyonal ako sa hindi maipaliwanag na dahilan. Natatakot ako sa posibleng sasabihin niya. Nasisiguro kong meron ngunit wala akong ideya kung ano.

"Kumusta ang puso mo?" bigla ay tanong niya. Hindi ko inaasahan iyon.

Natigilan ako at napatitig sa pisngi niya, kung saan tumama ang paningin ko. Hindi ko malaman kung bakit gano'n katagal bago ko nagawang tumingin sa kaniyang mga mata. Kinabahan ako. Noon lang niya kinumusta ang puso ko nang ganoon kaseryoso.

"..." Sumubok ang magsalita pero walang lumabas sa bibig ko. Napailing ako, hindi ko magawang tagalan ang titig ni Taguro.

Malungkot siyang nag-iwas ng tingin at bumuntong-hininga. **"Kailangan mong magpahinga, kailangan ko ring magpahinga. Kailangan natin ng lakas, Deib. Bukas na lang ulit tayo magkita."** Tumingin siya sa 'kin bago tapusin ang huling linya.

"Babe," agad kong sagot. Nag-alala akong baka nagtampo siya dahil hindi ko nasagot ang tanong niya. **"M-Maayos naman ang puso ko, babe. It's still the same, weak, but I'm okay. Wala akong nararamdaman bukod sa panghihina at pagod. Believe me."**

Ngumiti siya. Pinisil niya ang kamay ko saka nagsalita, **"Kaya nga kailangan mong magpahinga."**

"Gusto pa kitang makasama, babe..." nahihiya kong sabi.

Ngumiti siya. **"Gusto rin naman kitang makasama, pero kailangan nating magpahinga pa. Hindi biro 'yong pinagdaanan natin, Deib Lohr."**

"Kaya ko naman, babe," pagmamakaawa ko. **"Dito na lang muna ako."**

Napalingon kaming pareho kay Heurt nang marinig namin ang matunog na buntong-hininga niya.

"Pagbigyan mo na, Pein," ani Heurt. Napangiti ako. **"Dito lang naman ako, babantayan ko kayo."** Sumenyas siya sa nurse at mayamaya lang ay nag-abot na ito ng silya. Hindi maipaliwanag ang mukha ng nurse, pakiramdam ko ay bawal na manatili ako ro'n, maging si Heurt, pero wala silang magagawa.

Pinanood ni Taguro na maupo si Heurt, napagaya tuloy ako. Nakita ko nang magtama ang paningin ng mag-ina. Gusto kong kwestyunin ang kakaibang tinginan nila. Para silang nag-uusap gamit ang mga mata. Para bang may mga naiisip sila, mga gustong sabihin na ayaw iparating sa 'kin. Kaya idinian nalang nila sa makahulugang tinginan.

Napansin ni Heurt na nakatingin ako kaya pilit siyang ngumiti at sumandal sa silya.

"Kwentuhan mo ako," mayamaya ay sabi ni Taguro, tipid ang ngiti.

"Tungkol saan, babe?" gumaralgal ang tinig ko.

"Ano ang ginawa nila sa 'yo?"

Napabuntong-hininga ako. **"Babe, 'wag na nating pag-usapan 'yon. Tapos na, 'di ba?"**

Ngumiti siya. **"Wala naman na akong babalikan sa kanila,"** napapapikit na aniya, para bang hirap na hirap magsalita. **"Kaya ayos lang kung magkwento ka."**

Nakonsensya ako. Bigla ay parang gusto kong bawiin ang sinabi ko at hayaan na lang siyang magpahinga. Pero may kung ano sa loob kong gustong manatili ro'n at maglaan ng oras kay Taguro.

"Dinibdiban ako ni Lovemir," tahimik kong kwento. **"Kaya nanakit bigla ang puso ko."**

"Masakit?"

"Sobra."

Tumitig siya sa 'kin. Nababasa ko ang awa pero kakaiba 'yon. Sa paraan niya nang pagkakatitig sa 'kin ay para bang gusto niyang kunin sa 'kin ang sakit na naramdaman ko. Para bang gusto niyang maramdaman ang sakit na naramdaman ko para ipaalam sa 'kin kung gaano niya ako kamahal.

Idinikit ko ang labi ko sa magkahawak naming kamay, habang ang paningin ko ay nasa mukha niya. **"Akala ko ay may magagawa na ako para sa 'yo, wala pa rin pala. Puro lang ako galit, puro lang salita. Wala namang nagagawa."**

Ngumiwi siya at tumango-tango. **"Ano naman ang gagawin mo?"**

Gusto kong sumimangot at ngumuso pero hindi ko nagawa. **"Gusto ko sanang ako naman ang kumilos para sa 'yo, 'yong ako naman ang magliligtas sa 'yo, gano'n. I want you under my protection too."**

"Sa palabas at libro lang nangyayari 'yon, Sensui. At wala ka ro'n." Ngumisi siya. **"Ako ang reyalidad mo. 'Wag mong baguhin 'yon."**

"Tch. Walang-kupas 'yang ugali mong ganiyan, Taguro." Ang kayabangan niya ang tinutukoy ko.

"Hindi ko kailangan ng taong hihigitan o kayang tapatan ang nagagawa ko," pabulong niyang sabi, nagpapaintindi. **"Maraming lalaking kayang protektahan ang taong mahal nila. Hindi lang daan-daang lalaki kundi libu-libo pa, at nagkalat sila. Protective men are attractive, yes,"** nakangiwi niyang sabi saka tuminging muli sa mga mata ko. **"Pero para lang 'yon sa mga babaeng hindi kayang protektahan ang sarili nila, Sensui. Hindi ako katulad ng mga babaeng 'yon. I can protect myself. I can fiercely protect you...them...everyone..."** Marahan niyang sinabi ang bawat salita ngunit nando'n ang diin. **"That's who I am, Deib Lohr. And I do not need or want anyone to take my place."**

"That will never happen." Tinitigan ko siya habang inihahaplos ang kamay niya sa pisngi at labi ko. **"No one can replace you."**

"You need not worry about it, then. I'm satisfied with your fear of losing your queen because I'm willing to risk everything just to protect my king." Muli siyang ngumisi.

Sinubukan kong ngumiwi kahit nagkukumawala ang ngiti ko. **"Sa tingin ko ay kailangan kong kiligin, Maxpein."**

Nginiwian niya rin ako. **"Sige lang, iyan yata ang bumubuhay sa puso mo, eh."**

"Tch." Napakapangit niya talagang magbiro. Naiinsulto ang tunay na kalagayan ng puso ko pero natatawa ako. **"Bilang lalaki ay gusto ko lang namang protektahan ang babaeng mahal ko."**

"Tsk." Nauubos na agad ang pasensya niya. **"'Wag ka nang magpaliwanag dahil kahit kailan, hindi ako bumilib sa proteksyon ng lalaki."**

Nangunot ang noo ko. **"Mayabang ka. Hindi lahat ng lalaki ay kasinghina ko."**

"Pero hindi rin lahat ay kasinlakas ng nanay ko," natatawa niyang bulong saka nilingon si Heurt.

Ikinigulat ni Heurt ang sinabi ni Taguro, makikita kung gaano katindi ang naging epekto no'n sa kaniya. Nakangiti pa rin si Taguro pero namumungay na ang mga mata nang lingunin muli ako.

"Kahit pa wala akong abilidad, kahit pa ikaw ang kumikilos para sa 'kin gaya ng mga lalaking madalas mong nakikita at gusto mong gayahin," pumikit si Taguro. **"Walang hihigit sa proteksyon ng isang ina sa anak niya."**

Noon ko lang naintindihan ang pinupunto niya. Hindi ako makapaniwalang pinupuri niya nang harap-harapan si Heurt. At mararamdaman ang pagmamahal sa simpleng paliwanag na 'yon ni Taguro. Hindi ko maiwasang makisalo sa emosyon nila. Noon ko lang kasi narinig na nagsalita nang gano'n si Taguro tungkol sa kaniyang ina.

"Magpahinga na tayo," ani Taguro nang hindi ako makapagsalita. Pinilit niyang ngumiti.

Bumuntong-hininga ako. Gano'n na nga siguro kasama ang ugali ko dahil naisip kong minamadali niya ako. Ngunit naisip ko ring baka gano'n na katindi ang pagod niya. Baka nga may nararamdaman pa siyang sakit ng katawan pero hindi niya sinasabi.

Kaya naman tumango-tango ako at inayos ang ilang hibla ng buhok niya. **"Babalik ako bukas, gigising ako nang maaga para puntahan ka, babe."**

Tumitig siya sa 'kin, walang emosyon. Tinitingnan ang bawat sulok ng mukha ko. Saka pa lang siya ngumiti at bahagyang tumango. Napalunok ako. Pakiramdam ko ay may kakaiba ngunit nanlalaban ang isip ko, baka napapraning lang ako.

Yumuko akong muli para gawaran siya ng halik sa noo at labi. **"I love you, babe."** Pero nginitian niya lang ako. Halos tumirik ang mga mata ko sa panlulumo. **"Wala man lang ba akong sagot, babe?"**

"Tanong ba 'yon?"

"I mean, aren't you going to say you love me too?" pabulong kong tanong. Nailang tuloy sa panonood si Heurt.

Ngumiwi siya. **"I am incapable of loving anyone else, Deib Lohr. It's you or no one."**

"Tch." Sinubukan kong magmukhang galit dahil hindi ko narinig ang gusto kong sagot. Pero nabigo ako, binigo na naman ako ng labi kong hindi magkamayaw sa pagngiti.

"Of course, I love you, too." Hinala niya ang kwelyo ko papalapit at binigla sa halik niya. Hindi ganoon kalakas ang pagkakahila niya, nagpaubaya lang ako talaga.

Napapalunok akong tumitig sa kaniya matapos umayos ng pwesto. **"Nakita tayo ng mommy mo, babe"** bulong ko.

"Ayos lang 'yon, nakita niya nga akong mag-agaw-buhay, 'yong manghalik pa ba ang ikahihiya ko? Tss. Matulog ka na nga."

"Nasisiguro kong malakas ka na bukas, babe," nakangising sabi ko. **"Ngayon palang ay bumabalik na ang yabang mo, eh."**

"Iyan naman ang isang bagay na hindi mawawala sa pagkatao ko, well, bukod sa feelings ko sa 'yo."

"Tch." Natawa na ako nang tuluyan at nahawa siya. **"I love you, babe. Magpahinga ka nang ayos, ah?"** Tumango siya.

Muli kong tiningnan ang kabuuan niya. Halos makalimutan ko nang naka-wheel chair ako dahil nagawa kong itayo nang walang kahirap-hirap ang sarili ko. Kumilos nga lang agad si Heurt. Matapos tingnan si Taguro ay lumapit siya sa wheel chair para paupuin ako. Sandali silang nag-usap ni Taguro, nagngitian at nagbigayan ng makahulugang mga tingin bago nagpaalam.

Hindi ko maalis ang pagkakalingon kay Taguro. Maging siya ay nakangiting pinanood ang paglayo ko. Pero masaya ako nang sa paglabas ay hindi man lang ako nakaramdam ng lungkot. Kontento ako sa oras na inilaan namin ni Taguro sa isa't isa.

Pero ang saya na 'yon ay panandalian lang pala. Bago makarating sa kwarto ay muli kong naisip ang tunay na nararamdaman niya. Nasa ICU siya. Kahit pa hindi gano'n kay Chairman Moon ang dami ng makinang nakakonekta sa katawan niya, hindi ko maiwasang mag-alala. Naiisip kong kritikal ang kundisyon niya dahil nandoon siya at wala sa private room na gaya ng sa akin.

"You're back, baby!" Hindi pa rin maitago ni mommy ang lungkot sa mga mata niya nang salubungin ako sa pinto ng kwarto ko papasok.

Halatang hinintay niya talaga akong makabalik. At nasisiguro kong pinigilan lang siya ni daddy o di kaya'y ni *Noona* na sunduin ako sa kwarto ni Taguro. Napangiti ako nang nakangiti niyang agawin kay Heurt ang pag-aasikaso sa 'kin. Doon ay naisip kong tama nga ang papuring sinabi ni Taguro kanina para sa kaniyang ina.

"Kumusta si Maxi, baby?" nando'n ang katamtamang sigla sa tinig ni mommy.

"Gumising na siya," masaya kong anunsyo. Nagliwanag ang mukha ng mga kaibigan ko, maging nina daddy at *Noona.*

"That's good," hindi naitago ni Randall ang saya. **"Nagkausap ba kayo? Kumusta raw siya?"** atat siyang makibalita.

Nakangiti akong bumuntong-hininga. **"Mayabang pa rin."** Saka ako natawa. **"Sa tingin ko ay ayos lang naman siya."**

"Grabe," hindi pa rin maitago ni Randall ang pag-aalala pero lamang na ang kasiyahan niya.

"Si Maxwell pala?" nakangiting tanong ko. **"Nasa'n ang mga Moon?"**

Ngunit nangunot agad ang noo ko nang walang makasagot sa 'kin. 'Ayun na naman sila sa kani-kanilang pag-iiwas ng tingin sa 'kin. Gusto ko silang singhalan dahil magtatago rin lang sila ay iyong halata pang makita.

"May hindi ba kayo sinasabi sa 'kin?" usisa ko. Hindi sila pwedeng magsinungaling sa 'kin.

"Maybe they're busy taking care of a few things, their whole family," si Lee ang sumagot. Nagpapakakampante. Pero hindi niya maitatago sa 'kin ang palihim niyang pagsulyap sa iba pang naro'n bago muling tumingin sa 'kin. **"Hindi biro 'yong pinagdaanan ninyo."**

Lumapit si Tob, naagaw niya ang atensyon ko. **"Hanggang ngayon ay hindi ako makapaniwala sa nangyari, dre,"** nag-aalala pa rin ang tinig niya.

"'Buti nga at hindi kayo nadamay," sinsero kong sabi. **"Lalong hindi ko na alam kung ano ang mangyayari kung pati kayo ay nadamay. Malaki masiyado ang gulong nangyari."**

"Psh. Paano kaming madadamay, eh, halos beinte-kwatro oras kami kung bantayan ng mga tauhan ng Moon."

Gulat ko siyang nilingon. **"Tauhan?"**

Tumango si Tob. **"Right, Lee?"** nilingon niya ito saka muling tumingin sa 'kin, seryoso. **"Hindi sila nawawala sa bahay namin. Binabantayan nila kami kahit saan kami magpunta."**

"Meron din sa bahay nina Kim," dagdag ni Lee. **"They were ordered to look after us, no one but us."** Nagkibit-balikat siya.

Napabuntong-hininga ako. **"Kaya pala hindi ko makita ang mga tauhan nila."**

"Deib Lohr, anak, kailangan mo nang magpahinga," sabi ni daddy na kinuha kay mommy ang wheel chair at siyang umalalay sa 'kin pabalik sa kama. **"Hindi ka ba nagugutom? Ano ang gusto mong kainin?"**

Umiling ako. **"I'm okay, dad,"** nag-thumbs-up ako. **"Gisingin ninyo 'ko nang maaga bukas, ah? Gusto kong sabay kaming kumain ni Taguro."** Nakangiti akong tinanguan ni daddy.

Hindi umalis sina Lee at Tob nang gabing 'yon. Nanatili sila ro'n sa kwarto para bantayan ako. Si *Noona* ay inihatid lang ni Randall at bumalik din agad pagkatapos. Sina mommy't daddy ay nanatili rin sa ospital gaya ni lolo. Lahat sila ay nakabantay sa 'kin at hinihintay na makatulog ako.

Pero hindi naging madali para sa 'king bumalik sa tulog. Naiisip ko si Taguro. Ang hitsura niya kanina ay rumehistro yata sa paningin ko. Pakiramdam ko ay nakikita ko siya kahit saan ako tumingin. Maging ang nangyaring hindi maganda no'ng nakaraan ay naalala ko na naman.

"Bakit hindi mo pa matulog?" hindi ko napansin ang paglapit ni daddy.

Nilingon ko ang ibang naro'n, nauna pa silang makatulog kaysa sa 'kin. Tumingala ako sa kisame at bumuntong-hininga. **"I can't sleep, dad."**

"May nararamdaman ka bang hindi maganda?" nag-aalalang tanong niya.

Nakangiti ko siyang nilingon saka ako umiling. **"I'm feeling alright."**

"Hindi makabubuti sa 'yo ang magpuyat, Deib Lohr. Pilitin mong makatulog."

Tinanguan ko lang siya saka ako muling tumingala sa kisame. Doon ay unti-unting inukit ng mga mata ko ang mukha ni Taguro. Mukha niya noong una ko siyang makita. Mukha niya noong galit na galit pa ako sa kaniya. Mukha niya noong unti-unti akong nahuhulog sa kaniya. Mukha niya noong crush ko na siya. Mukha niya noong gusto ko na siya. Mukha niya noong mahal ko na siya. Mukha niyang walang reaksyon, may reaksyon, nakangiti, galit, nagsusungit, nagpapa-cute, tumatawa, nagyayabang, nagpapaka-cool, totoong cool - lahat.

Pati 'yong mukha niya no'ng siya na ang may gusto sa 'kin tandang-tanda ko, bwahahaha! Oh, Taguro... Taguro... Taguro... Tsk! Tsk! Tsk!

Saka ako inosenteng napangiti. **"Dad?"** tawag ko nang hindi inaalis do'n ang paningin.

"Hmm, son?" naramdaman ko ang paglapit pa ni daddy.

"Sa kwarto ko may cabinet..."

"Yes, and?" nalilitong tanong ni dad.

"May...box do'n sa loob ng cabinet. Maliit na box," nangiti ako. **"Medyo malaki pala, dad."**

"Box?"

Tumango ako. **"Na may lamang singsing."**

Natahimik si daddy, nararamdaman ko ang titig niya sa 'kin. **"Deib Lohr?"** tawag niya. **"Son..."**

Doon lang ako lumingon saka ngumiti sa kaniya. **"Para kay Taguro 'yon, dad."**

Napatitig sa 'kin si daddy, hindi malaman kung paanong tutugon. Halatang nalilito siya sa dapat isagot sa 'kin. Pinagkrus niya ang braso ngunit inalis din 'yon. Namulsa siya ngunit inilabas din ang mga kamay saka nagkamot sa noo at ulo.

"I want her permanently, dad." Hindi ko alam kung saan ako kumuha ng lakas ng loob para sabihin 'yon. **"I want to be with her as long as I live. It maybe selfish in my part, but I want her to protect me, only me. I want us together, no matter how hard the circumstances life throws our way."**

Nakita kong napalunok si daddy, hindi pa rin niya nakapagsalita. Gusto kong matawa. Pero pinipigilan ako ng emosyon ko. Wala akong maramdaman kundi saya.

Muli siyang namulsa saglit saka pinagkrus ang mga braso. Pero ilang segundo lang ay pinupunasan niya na ang labi. Tensyonado ang daddy ko.

"D-Darling! Lacey!" biglang pagtawag ni dad. Nasa akin ang paningin niya ngunit bahagyang nakatagilid ang ulo papunta sa gawi ni mommy. Kunot-noo kong nilabanan ang nakakatawang reaksyon niya. **"Lacey! Bring me a scotch whisky! Now!"**

Hindi ko napigilang matawa, at hindi ko agad naitigil ang pagtawa. Hindi pa rin nagbabago ang reaksyon ni daddy, gulat na gulat at titig na titig sa 'kin. Para siyang ninenerbyos na hindi maipaliwanag.

"What's going on?" natutulirong tanong ni mommy, halatang nabulabog ang tulog.

"Y-Your son..." Sinubukang ibulong 'yon ni daddy. Pero dahil sa hindi matapos na gulat at paulit-ulit niyang paglingon sa 'kin ay nawala siya sa katinuan. **"Oh, Jesus..."** Nasapo ni daddy ang sariling noo.

"Deib Lohr, baby, what's wrong?" aligagang lumapit sa 'kin si mommy, alalang-alala. **"Stop being so gwapo, anak! May masakit ba sa 'yo? Why are you laughing?"**

"Your son wants to get married, Lacey!" naghihisteryong bulalas ni daddy. Naipatong ni daddy ang ulo sa sariling kamay at napapikit, pinakakalma ang sarili.

Nanlaki ang mga mata ni mommy, naiwang nakamaang ang labi. Gulat na tumingala kay daddy bago muling nagbaba ng tingin sa 'kin. Lalo akong natawa. Gano'n pala ang reaksyon ng mga magulang, pero posible ring magulang ko lang ang ganito.

Muling umawang ang bibig ni mommy habang nakatitig sa 'kin, hindi malaman ang sasabihin. Ilang beses siyang lumunok habang nanlalaki pa rin ang mga mata.

"Is that true, Deib Lohr?" nauutal na tanong ni mommy. Nakangiti akong tumango. Nalaglag ang panga niya.

"Where's my scotch, Lacey?" natutulirong dagdag ni daddy, hawak-hawak ang batok. **"I think I'm going to get sick!"**

"Oh, come on, Lohrton, let him marry the girl he wants!"

Oh... Namilog ang bibig ko habang natatawa. **"I'm sure my mom wants grandchildren,"** nakangising dagdag ko.

"Yes." Seryosong tumango-tango si mommy.

Naihilamos ni daddy ang mga palad sa mukha. **"I..."** Napabuntong-hininga siya habang umiiling saka tumitig sa 'kin. **"I'm not ready to see my boy getting married, Lacey! Not yet!"**

Kunot-noo akong ngumuso pero hindi ko talaga naiwasang matawa.

"You're son is not going to get married tomorrow, Lohrton!" Pinandilatan ni mommy si daddy.

"Yes," tumatango kong itinuro si mommy. **"That is very true."**

Napabuntong-hininga si daddy. **"I know."**

"Then, stop acting too much." Nagtaray si mommy.

Muling bumuntong-hininga si daddy. **"Please give me my scotch, darling."** Iiling-iling na naupo si daddy sa sofa at panay pa rin ang sulyap sa 'kin. Natawa na naman tuloy ako sa kaniya.

"But I'm still planning to propose to Maxpein, and it will be tomorrow or the day after that," anunsyo ko, na kay mommy ang paningin.

Her immediate reaction was not to crack the open bottle of whisky while looking at me. Instead, she's slowly recovering from the shock I gave her. Dad's also directly giving me a striking stare. Ngayon lang nagbaon ng alak ang daddy ko sa ospital, gano'n talaga siguro ang takot niya sa lagay ko.

"Yes?" nakangusong tanong ko.

Nameke ng tawa si mommy. **"You're joking, right?"** Saka siya naglakad papalapit sa 'kin, hawak pa rin ang bote.

"No," seryosong tugon ko. Naestatwa si mommy. **"I know you're going to support me anyway."**

Walang sumagot sa 'kin. Natawa na naman ako dahil napatitig si mommy kay daddy na noon naman ay napayuko sa tuhod at isinubsob ang mukha sa mga palad.

"Dad!" tawag ko.

Agad siyang napatayo. **"What now, son?"**

"I want that ring beside me, tomorrow."

"What?" Nagkunot-noo siya.

"Yes." Ngumisi ako.

"Go to sleep, my boy!" diniinan ni daddy ang huling salita. Tatawa-tawa akong lumabi sa kaniya.

Hindi naging mabilis para sa 'kin bumalik sa tulog. Kung saan-saan ako dinadala ng isip ko, sa mga nangyari, sa naging usapan namin nina mommy't daddy. Maging sa proposal na pinaplano ko. Pero hindi ko inaasahang maging sa panaginip ay susundan ako ng mga iyon.

Sa panaginip ay nagising ako at nasilaw sa sikat ng araw mula sa terasa ng private room ko. Kamangha-manghang bukas ang sliding door at nararamdaman ko ang magkahalong init at lamig ng hangin. Masarap sa pakiramdam.

Naupo ako sa kama at inabot ang bote ng tubig. Sa pagtungga ko ay napansin ko ang kahitang nakapatong din sa side table. Ibinigay 'yon sa 'kin ni Chairman Enrile. The most treasured heirloom of my family.

The ring is set with a bolder look of a colored gemstone. It has a central diamond framed with different accent gems.

Bagay na bagay sa 'yo, Taguro...

Hindi ko alam kung bakit siya agad ang naisip ko habang marahang inaabot iyon. Dahan-dahan kong binuksan ang kahita at kamangha-mangha ang pagkinang ng singsing sa paningin ko.

Napangiti ako. Dahil sa isip ko ay nakarehistro si Taguro. Ang nakangiting mukha niya, ang pangalan niya, at ang nararamdaman ko para sa kaniya.

Nakangiti kong tinanggal ang singsing saka ako tumayo. Lumabas ako sa terasa. Ipinatong ko ang isang siko sa balkon habang ang isa naman ay

nakataas sa ere. Sinisilip ko mula sa singsing ang araw na bahagyang natatakpan ng mga ulap. Sa gano'ng paraan ay nagagawa ko iyong tingnan nang deretso, nang hindi nasisilaw.

Ngunit natigilan ako nang may kamay na humarap sa halos buong paningin ko. Napanood ko nang marahang isuot ng kamay na iyon ang isa sa mga daliri nito sa butas ng singsing.

Doon lang ako napaayos ng tayo. ***"Babe!"*** nagugulat kong tawag. ***"Tsk, ginulat mo naman ako, eh!"***

Tumawa si Taguro. ***"King ina ikaw 'yong taong kahit may panis na laway, gwapo, e, 'no?"*** 'ayun na naman 'yong maangas niyang dating.

Panis na laway? Tch! Pinunasan ko ang labi at pisngi ko. ***"Wala naman, ah!"***

"Tss. Good morning, Deib Lohr Enrile."

Nilingon ko ang pinanggalingan niya. ***"Ikaw lang? Bakit ka pumunta dito nang mag-isa? Baka mapaano ka."***

"May kasama kaya akong tropa," biro niya habang nakatingin sa poste ng dextrose niya. Humawak siya de-gulong na pole ng dextrose saka tumayo nang nakapamewang, ang dalawang paa ay magkakrus. Nagpapa-cute.

"Tch."

"Binabantayan ako nito, mula sa pagtulog hanggang sa paggising sa umaga. Sumasama pa nga hanggang sa kubeta."

"Ha! Ha! Ha!" Nameke ako ng tawa.

Sa halip na makipag-asaran ay nakangisi niyang itinaas ang kaliwang kamay. Natigilan ako nang makitang suot niya na ang singsing na kanina lang ay hawak ko pa. Nakangiti niya iyong tiningnan habang nasa ere ang kamay. Hindi ako makapaniwalang nababasa ko ang pagkamangha, tuwa at saya sa mukha niya.

"Babe..."

"Are you planning to give this to me?" nakangiting tanong niya na tiningnan pa rin ang singsing. Hindi ko nagawang sumagot. Emosyonal kong pinanod ang bawat reaksyong nakikita ko sa kaniya. ***"Sumakto sa kamay ko, oh. Para ba sa 'kin 'to?"***

Hindi pa rin ako nakapagsalita. Masyado akong namangha sa pakiramdam. Pakiramdam na malayo sa mga ipinaramdam niya sa akin noon. Malayo sa kilig na idinudulot sa 'kin ng isang Taguro. Kakaiba ang pakiramdam nito. Habang nakatingin ako sa kaniya suot ang singsing na

para sa akin ay nakalaan sa kaniya, ngunit hindi ko alam kung paanong ibibigay, para akong niyayapos ng ulap. Hindi ko nga alam kung magugustuhan ba niya 'yon. O kung gugustuhin niyang isuot. Sadyang kakaiba lang ang pakiramdam na makita siyang suot 'yon.

Gusto kong matawa sa hindi malamang dahilan. Hindi ganito ang naisip kong proposal. Isang malaking pasabog ang plano ko. Sa t'wing may makikita akong singsing ay si Taguro agad ang naiisip ko. Nang ibigay sa 'kin ang singsing na 'yon ay naisip kong sa kaniya ko iyon ibibigay.

Ngunit nang sandaling 'yon, habang suot niya ang singsing, ay ipinakita niya sa 'king sa kaniya iyon nakalaan. Na para bang ibigay ko man iyon o hindi ay nakatakda iyong mapunta sa kaniya.

Nagkakaro'n ng kakatwang pakiramdam dahil napunta 'yon kay Taguro nang hindi inaasahan. Nang hindi ko ibinibigay. Nang walang nagaganap na proposal.

"You like it?" seryoso ngunit kabadong tanong ko. Nagagawa kong tingnan ang mga mata at buong mukha niya dahil tutok sa singsing ang paningin niya. Hindi ko alam kung magagawa ko bang salubungin ang mga mata niya kapag napunta na 'yon sa 'kin.

Nakangiti siyang tumitig sa singsing, ngiting hindi ko pagsasawaang tingnan, ngiting hinahanap-hanap ko kahit nakikita ko naman.

"I love it." Saka niya ako nilingon, mas lumawak pa ang pagkakangiti pa. ***"But I'm kind of afraid that you're giving me the world's smallest handcuff."*** Tumawa siya sa paraang nakakalusaw ng puso.

"Maybe you were meant to wear it."

Itinakip niya nang bahagya ang kamay, kung nasaan ang singsing, sa bibig saka nagpa-cute. ***"Parang alam ko na kung saan papunta ang usapang 'to,"*** nakakaloko ang ngiting aniya.

Napailing ako sa sobrang kaba. ***"Well, I'm..."*** Tinitigan ko siya. Ang sinasabi ng isip ko ay lumuhod ako at yayain siyang magpakasal. Pero ang nakakalokong ngisi at bahagyang paghalakhak niya ay pinipigilan ako. Sinamaan ko siya ng tingin. ***"Are you making fun of this?"***

Tumawa siya lalo. ***"Ano ba ang planong mong gawin, ha?"*** nanunukso ang mapaghamong tinig niya.

"I am planning to propose to make you even more mine, Maxpein. What's so funny about that?"

Hindi siya nakasagot. Ang kaninang maganda at makalusaw-pusong ngiti niya ay unti-unting nawala. Hanggang sa maging bato ang reaksyon sa

kaniyang mukha.

Kunot-noo akong napatitig sa kaniya. Gusto kong tanungin kung bakit gano'n ang naging reaksyon niya. Gusto kong malaman kung hindi ba siya masayang malaman na gano'n ang plano ko. Pero gaya niya, hindi rin ako nakapagsalita. Namayapa ang makabasag-pandinig na katahimikan sa pagitan namin.

"Why do you want to marry me?" tanong niya.

Kinabahan ako lalo. ***"I already told you,"*** kukurap-kurap na sagot ko. Nakakaloko ang emosyong mabilis na umusbong sa dibdib ko.

"Deib," lumamlam ang mga mata niya. ***"I am much more than what I allowed you to see. You don't know me completely, not even half of me."***

Napailing ako. Hindi ko maipakita sa kaniya ang emosyon ko. Inunti-unti ko sa isip ang mga sinabi niya. Nakuha ko 'yon pero hindi ko lubos na maintindihan.

"Then say you will, say yes to me, Maxpein," tiim-bagang na giit ko. ***"I will then spend the rest of my life figuring out who and what you really are."***

Umiling siya. ***"Tapos kapag nakilala mo na ako, kapag nalaman mo na ang totoo kong pagkatao ay iiwan mo ako? No way."*** Hindi malaman kung natatawa siya o naiiyak.

"Are you rejecting me?" kunot-noong tanong ko, hindi ipinapakitang nasasaktan ako.

"No, no, I mean..." nag-alangan siyang lumapit sa 'kin.

"I want everything with you for the rest of my life, Maxpein. I want you to be my wife, I want to own you. And that does not depend on who you are," lumapit ako sa kaniya. ***"But who I am because of you,"*** dagdag ko.

Kinuha ko ang kamay niya at ipinatong 'yon sa dibdib ko. Napatitig siya sa daliri niya kung nasaan ang singsing, at emosyonal na tumitig doon.

"I want to marry you, Maxpein," pabulong kong sabi habang nakatingin sa mga mata niya. ***"Please say you will,"*** I begged.

Pero hanggang doon na lang iyon.

KINABUKASAN ay halos mapatalon ako sa pagbangon. Habol ko ang hininga habang ang paningin ko ay nakatuon lang sa kung saan. Binangungot na naman ako. Iyong pakiramdam na naman na para bang may nakadagan sa 'kin.

Pinakalma ko ang sarili ko saka iginala ang paningin. Ako lang ang naro'n sa kwarto.

Pero agad akong binalot ng lungkot nang maalala ko ang ilan sa napanaginipan ko. Hindi tinanggap ni Taguro ang singsing, bagaman hindi iyon ang gusto kong ibigay sa kaniya.

Cheer up, handsome, it was only just a dream! Napangiti ako sa sarili kong naisip.

Inabot ko ang tubig saka uminom. Sandali akong nanatiling nakaupo sa kama saka ako nagdesisyong tumayo.

Wala akong maramdamang kahit na ano. Ang totoo ay excited pa nga ako. Makikita ko na naman kasi si Taguro. Pero hindi nawawala sa gilid ng isip kong ikalawang beses ko nang maramdaman ang bigat na 'yon sa dibdib ko sa t'wing magigising ako. Pakiramdam ko ay kailangan ko pang pilitin na magising.

Sandali akong nagbanyo saka ako sumilip sa labas ng kwarto. Ang ICU agad ang nalingunan ko. Tahimik masyado ang parte ng hallway papunta ro'n.

Ngunit nangibabaw ang tinig ni Maze dahilan para mapalingon ako sa kabilang parte pa ng hallway. **"Maxwell!"** pagtawag niya sa anak. **"Maxwell, calm down, please!"**

Si Maxwell ang una kong nakita, lumabas sa kwartong ilang pagitan ang layo sa 'kin. Nagmamadali siya sa paglalakad kahit na iika-ika. Hindi maipinta ang mukha niya sa hindi rin maipaliwanag na galit. Hindi ko naiwasang magtaka.

Napatingin naman ako kay Maze na lakad-takbo ang ginagawa para lang maabutan ang anak. Hindi rin maipaliwanag ang hitsura niya. Hindi ko lalo mahulaan kung ano ang dahilan ng inihahabol niya sa anak.

Ano'ng nangyayari?

Hindi ko nagawang isatinig ang tanong ko. Mas ipinagtaka ko kasi nang lampasan lang nila ako. Imposibleng hindi nila ako mapansin dahil ang ulo ko ay nakadungaw sa pinto ng kwarto ko. Pero pareho lang silang dumaan sa mismong harapan ko. Dinaanan lang nila ako na para bang ang ulo ko ay parte ng pinto.

"Maxwell Laurent!" nagtaas na ng tinig si Maze para lang mapigilan si Maxwell pero parang wala itong narinig.

Nagtuloy-tuloy si Maxwell sa paglalakad. At sa pagitan ng iilang hakbang ay natunton ni Maxwell ang ICU. Gano'n kalaki ang mga hakbang niya para marating nang gano'n kabilis ang kwartong 'yon ni Taguro.

"Maxwell Laurent, listen to me!" pigil pa rin ang pagbulalas ni Maze, hindi mawawala ang eleganteng dating sa pananalita. Iniharang ni Maze ang sarili sa pinto.

Mabilis akong lumabas para sundan sila. Ngunit nabigo akong makalapit agad dahil hindi ko magawa ang malalaki at mabilis na hakbang gaya ni Maxwell. Nasa kalahati pa lang ako ng hallway ay ramdam ko na agad ang matinding pagod. Pero hindi ako nag-atubiling alalahanin 'yon. Naglakad ako hanggang sa halos mag-abot na kami ng mag-ina.

"Get out of my way, mom," seryosong-seryoso ang tinig ni Maxwell. Para bang kayang-kaya niyang pagalitan si Maze. Para bang kayang-kaya niya itong mapasunod gamit ang gano'ng tono.

"I said listen to me!" Hindi ko talaga mapangalanan ang emosyong nakikita ko kay Maze. Nando'n ang galit, lungkot, pag-aalala at iba pa. Ngunit napapanatili niya iyong kalmado, elegante. Hindi ko maintindihan. Mahirap ipaliwanag. **"Listen to me, anak, please."**

"They are not going to get her. She is not leaving!" makapangyarihan ang tinig ni Maxwell, nandoon ang diin.

Hinawakan ni Maze ang magkabilang braso ng anak saka emosyonal na tumingala rito. **"Maxwell, anak, listen to me... please!"** Halos bumulong siya pero maririnig pa rin. **"Hindi ka pa magaling, anak."**

"I can take care of myself, mom."

"Hindi natin sila pwedeng labanan. We have rules, Maxwell! You know that." Dinuro niya ang dibdib ng anak.

Nagbaba ng tingin si Maxwell. **"I have not forgotten the rules. But this is a situation where rules do not apply, mom. Hindi sa akin. My sister is not leaving. She is not leaving my side."** Idinuro-duro ni Maxwell ang sahig na para bang magagawa niya 'yong durugin sa galit.

"We are supposed to follow the rules, Maxwell Laurent."

"I know. But nobody says that I cannot disobey and violate them. Maxpein is more important than those rules, President Moon."

Naestatwa ako nang tawagin ni Maxwell nang gano'n ang mommy niya. Hindi ko pa siya narinig na tawagin nang gano'n si Maze. Mariin at makapangyarihan ang tinig ni Maxwell. Na maging si Maze ay mukhang hindi mapigilan.

"Maxwell..." Magkahalo ang gulat at panlulumo ni Maze. Mukhang gaya ko ay hindi niya inaasahang lalagyan ng titulo ng anak ang tawag sa kaniya.

"I'm not comfortable to talk to you like a son when you're talking about the rules." Napakalalim ng buntong-hininga ni Maxwell.

"S-Saan ba pupunta si Taguro?" Hindi ko na napigilan ang sarili kong magsalita.

Sandali silang natigilan. Si Maze ang naunang lumingon sa 'kin. Binigyan niya ako ng nanlulumong tingin. Nanlulumong tingin na para bang isa akong sagabal sa malalim na usapan nila.

Nilingon ko si Maxwell na noon ay pinukol ako nang masamang tingin. Kinabahan ako sa hindi maipaliwanag na dahilan. Hindi ko maipaliwanag ang mararamdaman ko habang tinatantya ang galit sa titig niya.

"Go back to your room," utos ni Maxwell.

"Saan pupunta si Taguro?" pangungulit ko.

Napabuntong-hininga si Maxwell at nag-iwas ng tingin sa 'kin. **"Take him to his room, mom."** Tinangka ni Maxwell pasukin ang ICU pero pinigilan agad siya ni Maze. **"I will talk to them."**

Them? Nangunot ang noo ko sa pag-iisip kung sino ang tinutukoy ni Maxwell. **"Nasa'n ba si Taguro?"**

"Nagpapahinga siya," hinarap ako ni Maxwell. Noon niya lang ipinaramdam sa 'kin ang agwat ng edad naming dalawa. **"Go back to your room, Deib Lohr."**

"But I want to see her," pagmamatigas ko.

"Deib Lohr, anak!" pagtawag ni mommy. **"Bakit hindi ka nagsabing tatayo ka?"** papalapit na ang boses niya.

Nanatili akong nakaharap kay Maxwell. **"May usapan kaming sabay na kakain."**

"Nasa swero ang pagkain ni Maxpein." Pinag-aalala ako ng kawalang-emosyon ni Maxwell.

"But..."

"Go back to your room, Deib Lohr. Give us peace." Tinalikuran ako ni Maxwell matapos sabihin 'yon.

Hindi ko maipaliwanag ang panlulumo. Hindi ko nagawang alisin agad ang paningin sa kaniya. Nilingon ako ni Maze, binigyan ng nagpapasensyang tingin saka siya sumunod sa anak. Pumasok sila sa ICU at pinagsarhan ako.

"What are you doing here, Deib Lohr?" tanong ni mommy nang makalapit siya.

Give us peace... Umalingawngaw pa nang minsan ang sinabi ni Maxwell sa pandinig ko.

Saka ko malungkot na nilingon si mommy. **"Akala ko ay makakasabay kong kumain si Taguro."** Nilingon kong muli ang saradong pinto. Iyon lang ang pagitan namin ni Taguro pero hindi ko pa siya makita.

Give us peace... Napapikit ako sa tinig ni Maxwell na gumugulo sa pandinig ko. **"Nasira ko ba ang buhay nila?"** wala sa sariling bulong ko.

"What are you talking about, baby?" nag-aalalang tanong ni mommy.

Malungkot akong bumaling sa kaniya. **"Are they blaming me?"**

"About what?" natutuliro niyang tanong. Tumingin sa pinto bago muling lumingon sa 'kin. **"Ano iyon, anak?"**

Nilingon ko ang pinto. **"But I want to see her..."**

"Deib Lohr," pilit akong iniharap ni mommy sa kaniya. Nanatili akong nakatingin sa pinto ngunit sapilitan niya ring iniharap ang mukha ko sa kaniya. Natanaw ko si daddy na papalapit na rin sa gawi namin. **"Maxi's family is here. Let's give them time to talk. Let's respect their privacy, okay, anak?"**

Buntong-hininga na lang ang isinagot ko sa kaniya. Nilingon kong muli ang pinto at malungkot na minasdan ang walang buhay na kulay niyon.

Ngunit walang ano-ano'y bumukas iyon at iniluwa si Heurt.

"What are you doing here?" inosente niyang tanong na isa-isa muna kaming tiningnan.

Dahil nahinto siya nang bukas ang pinto ay nagkaro'n ako ng tyansang silipin ang bintana sa loob ng kwarto. Doon ay nanlaki ang mga mata ko nang makita ang apat na ginang na siyang nakita ko no'ng gabing nangyari ang engkwentro.

At mas ikinagulat ko nang tila ba naramdaman ng isa sa kanila ang titig ko. Naging matunog ang paglunok ko nang marahan akong lingunin nito! Napigil ko nang saglit ang paghinga at nagtuloy lang 'yon nang biglang isara ni Heurt ang pinto. Nakita ko pa siyang aligagang nilingon ako at saka sinigurong naisara niya nga nang ayos ang pinto.

"Sino ang mga 'yon?" tanong ko na ang paningin ay tila ba napako nang lampas sa pinto.

"Bisita iyon ng mga Moon." Batid kong nagsisinungaling si Heurt.

"Nakita ko rin sila no'ng gabing 'yon, tita mommy. Sigurado ako." Gusto kong buksan ang pinto pero hindi ako pwedeng magkamali, sila iyon. **"Hindi lang sila basta bisita. Sino sila?"**

"Deib Lohr, ano ba?" saway uli sa 'kin ni mommy pero hindi ko siya pinansin.

"Sila ang hukom," matagal bago nakasagot si Heurt.

Doon ko lang siya nilingon. **"Hukom? Anong hukom?"**

Napabuntong-hininga siya, tiningnan sina mommy't daddy bago ako nilingon. **"Hindi mo maiintindihan."**

"Ipaliwanag mo sa 'kin, tita mommy." Matinding interes ang nabuhay sa 'kin.

"Deib Lohr," saway sa 'kin ni mommy.

"Sila ang gumagawa ng batas sa organisasyong kinabibilangan ng mga Moon."

"Anong organisasyon?"

"Hanggang diyan lang ang pwede kong ipaalam sa 'yo."

"Tita mommy..."

"Kailangan mong magpahinga, Deib Lohr." Iniiba niya ang usapan.

"What are they doing here, Heurt?" usisa ko, kunot na kunot ang noo. Buntong-hininga lang ang isinagot ni Heurt. **"Please, tell me."**

"Iyon ay kung babalik ka sa kwarto mo, Deib Lohr," ani daddy. Nagkatinginan sila ni Heurt saka nagtanguan.

Hindi ko na hinayaang alalayan nila ako. Nanguna na ako sa paghakbang pabalik sa kwarto. Panay ang lingon ko kay Heurt para masigurong sumusunod siya sa 'kin. Mas mabilis kompara sa paglapit ko kina Maxwell kanina. Ilang hakbang lang ay nagawa kong makaupo sa kama ko.

Hinarap ko agad si Heurt. **"Why are they here?"** tanong ko.

"Inaayos nila ang pagkakamaling nagawa ni Maxpein. Iyon lang ang pwede kong sabihin." Nakita ko ang mabilis na pangingilid ng mga luha niya. Pilit siyang nagpakaseryoso.

Napailing ako. Naalala ko ang sinabi ni Heurt sa 'kin, ang kapalit ng gano'ng pagkakamali ni Taguro. 'Ayun na naman ang paghahalo ng emosyon ko, ang hindi mapangalanang pakiramdam.

"Anong gagawin nila kay Maxpein?" napatayo ako sa pagtatanong. Hindi siya sumagot at sa halip ay nag-iwas lang ng tingin. **"Ano ang gagawin nila kay Maxpein, Heurt?"** mariing tanong ko.

"I don't know." Lalo siyang nag-iwas ng tingin.

"Tita mommy..." Lumapit ako sa kaniya. **"Sinabi mo sa 'kin kung ano ang kapalit nang ginawa ni Taguro sa batas ng...oraganisasyon--kung ano mang organisasyon 'yon!"**

Hindi ko na napigilan ang umusbong kong galit. Hindi ko rin magawang sabihin ang kabayaran sa gano'ng pagkakasala. Hindi ko masabi ang salitang kamatayan sa kaniya. Hindi ko kaya.

"Is she going to leave me?" masakit para sa 'king itanong 'yon. **"Again?"** Walang sumagot sa 'kin. **"I'll talk to her."**

"No!" agad na pigil ni Heurt. **"Lalo lang siyang mapapahamak. Kailangan nilang mag-usap."**

"Bakit hindi ikaw ang kumausap, ikaw ang nanay niya, Heurt!" mariing sabi ko.

"Deib Lohr, please!" Lumapit sa 'kin si mommy para pakalmahin ako.

Hindi ko sila maintindihan. Pareho ko silang hindi maintindihan ni More.

Natigilan at nanlumo ako. Mas gugustuhin ko pa yatang ito na lang ang panaginip at gawing katotohanan ang napanaginipan ko kanina.

Hindi na nasundan pa ang usapang iyon. Sinubukan kong kulitin si Heurt ngunit hindi na siya nagsalita pa. Wala akong nagawa kundi ang maupo sa kama at mag-isip. Buong umaga akong binantayan nina mommy't daddy, walang nakapasok sa kwarto ko bukod sa mga nurse at doktor. Wala akong ganang makipagkoopera sa kanila, hinahayaan ko lang silang gawin ang kailangan nila sa 'kin. Maging ang mga paliwanag na sinasabi ng doktor kina mommy ay hindi ko inintindi. Ang isip ko ay nalunod sa mga ginang na 'yon at sa gagawin nila kay Taguro.

Dumaan ang maghapon nang hindi ko nakikita si Taguro, maski sulyap man lang. Pero hindi ko inaasahang hindi lang ang maghapong iyon ang daraan sa 'kin. Dahil dumaan ang dalawang araw nang hindi kami nagkikita bagaman nasa iisang ospital lang kami, nasa iisang floor pa! At wala nang mas nakapanlulumo pa ro'n.

Nasa akin na rin ang singsing na pinadadala ko kay daddy. Kung noong gabing pag-usapan namin ang tungkol ay halos pagalitan nila ako lang mapigilan, ngayon ay sila pa ang nagpaplano kung paano ko iyon ibibigay. Binubuhay nila ang loob ko sa pagsasabi ng magaganda at positibong bagay tulad nang kung paanong magugustuhan iyon ni Taguro.

"I will help you, you have my support," ani Lee. Isang umagang dumalaw siya sa 'kin.

Napangiti ako. **"Tch. Hindi ko alam kung paano akong magpo-propose sa kaniya. Noong si Kim ang nililigawan ko ay napakarami kong naiisip na pwedeng gawin. Pero ngayong kay Taguro..."** Iiling-iling akong tumawa. **"Wala ako maski isang ideya. Masyado niyang**

ginugulo ang isip ko. Hindi ako makapag-isip. That's Maxpein, 'dre," buhay na buhay ang ngiti ko. **"She blows my mind into pieces, splits my heart into two but make them whole again with just one smile."**

"'Sus, with just one smile ba talaga?" biro niya.

Natawa ako. **"Loko."**

"Ano nga ang plano mo?"

"Hindi ko nga alam," natatawang sabi ko. **"Nagpa-panic ako, dre. Paano ko sasabihin sa kaniyang pakasalan ako? Baka banatan lang ako no'n."**

"Pilitin mo, dre."

"Pilitin?" singhal ko. **"Sa hitsura kong 'to, kailangan pa siyang pilitin? Wow!"**

Tumawa siya. **"Hindi mo na kailangang pilitin si Max, Deib."** Sumeryoso si Lee. **"Ngayon pa nga lang ay ipinaglalaban ka na kahit patayan, ano pa kaya kapag kasal na kayo?"**

"Alam ko, dre," tumawa ako nang tumawa, bigay na bigay dahil sa masarap na pakiramdam.

"'Buti pumayag ang parents mong yayain si Max ma-engage sa 'yo?" natatawang tanong niya.

Ngumiwi ako. **"Pumayag kunyari, para lang sumigla ako. Tch. Hindi ko naman pakakasalan agad-agad si Taguro. Sa ugali no'n ay paniguradong matatagalan bago mangyari 'yon. Gusto ko lang ng kasiguraduhang ako ang pakakasalan niya. Ayokong mapunta siya sa iba."**

"Pumayag buong pamilya mo?"

"Oo. Si Taguro na lang ang hindi. Tch."

Tumawa siya nang malakas. **"Hindi mo pa naman niyayaya. Sorpresahin mo."**

"Paano?"

"Bilhan mo ng maraming lobo. Gano'n naman ang mga trip mong sorpresa, 'di ba?" mapang-asar niyang sabi.

"Loko, seryoso 'to!"

"Seryoso naman ang lobo, ah? Mukha bang joke 'yon? Tsh."

"Saan?"

Nag-isip siya, at mayamaya ay tumawa. **"Isakay mo sa parachute para walang kawala."**

Nagliwanag ang mukha ko. **"Oo nga, 'no? Hindi ko siya ibababa hangga't hindi siya umu-oo."**

"Tsh. That's Maxpein, 'dre. Hindi matatakot tumalon 'yon, matakasan ka lang."

"Anak ng...ano ba, Lee!"

"I was just joking, Deib!" tumawa na naman siya.

"Ayoko na ng parachute!"

Laking pasalamat ko kay Lee nang araw na 'yon. Tinulungan niya akong magplano, at nangakong siya nang bahalang bumili sa ilang gamit na kakailanganin ko. Maging si Parrot ay kukuntsabahin niya para lang magawa ko ang gusto ko. Nagawa kong tumawa nang ilang oras dahil nandoon si Lee. Nang sandaling 'yon ay hindi ko kailangang pigilan ang sarili kong banggitin at isipin si Taguro. Dahil handa siyang makinig at hindi nagsasawa.

Pero matapos ang araw na 'yon ay balik sa dati. Dumaan ang ilan pang umaga at gabi nang hawak ko lang singsing kahit ano ang gawin ko. Maging sa pagligo ay hindi ko iyon inaalis sa paningin ko. Sa pagtulog ay nakakulong 'yon sa palad ko. Walang ibang pwedeng humawak bukod sa 'kin, mas lalong walang ibang pwedeng magsuot bukod kay Taguro.

Paulit-ulit. Magdamag akong tahimik lang. Kumakain bagaman kailangan pang pilitin. Nakikisama lang ako sa mga doktor kapag may nararamdaman na akong sakit sa dibdib kong hindi matiis. Pero kapag ayos na ang lahat ay babalik ako sa pananahimik.

Dahil si Taguro lang naman ang hahanapin at babanggitin ko oras na bumukas ang aking bibig.

"Dre," nangibabaw ang tinig ni Tob.

Isang linggo na ako sa ospital na 'yon at hindi ko na ulit nakita pa si Taguro. Sa mga araw na dumaan ay nanatili lang akong nakaupo sa kama at nakatanaw sa labas ng terasa. Hinihintay na magdilim at muling mag-umaga.

"Pinapunta ako dito ng mommy mo, ang sabi ay hindi ka raw kumakain na naman? 'Dre, kailangan mong kumain."

Bumuntong-hininga ako saka pilit na ngumiti sa kaniya. **"Tahimik akong nilalamon ng emosyon ko, Tob. Hindi na nahuhulog ang mga luha ko."** Sumubok akong magbiro. **"Bakit gano'n sila kay Taguro?"**

"'Dre, you need to eat your lunch. I'll help you."

"I can eat on my own," tipid ang ngiti ko. **"Hindi pa 'ko gutom."**

Bumuntong-hininga siya. **"Alam mo, dre, naiintindihan naman kita. Kaso kailangan niya rin ng oras sa pamilya niya."**

"Naiintindihan ko naman, kaya nga hindi na ako nangulit." Nagbaba ako ng tingin sa mga daliri ko.

Totoong hindi na ako nangulit. Hindi na ako nagtanong. Hindi na ako naghanap. Hindi na ako nagpilit. Hindi na ako nagsalita. Hindi na ako umasa.

"Nandiyan pa kaya siya?" tanong ko. Noon na lang ulit nangilid ang mga luha ko pero nakuha ko pang tumawa nang peke.

"Of course. Psh. Come on, Deib."

"Baka wala na, eh," malungkot kong sabi bagaman nagpapakita ng ngiti. **"Sanay naman akong umaalis siyang walang paalam."**

"'Dre, chill. Hindi maganda sa 'yo ang ganito."

"Wala na 'kong maintindihan, eh." Yumuko ako sa palad ko at doon palihim na lumuha. **"Pero kailangan kong intindihin lahat kahit wala akong naririnig na dahilan o paliwanag. Kasi lahat ay hindi pwede. Lahat ay bawal."**

"Deib," lumapit sa 'kin si Tob para pilitin akong aluin pero kulang na kulang 'yon bagaman nagpapasalamat ako sa presensya niya.

"Kaya ko namang tanggapin na gano'n sila. Nahihirapan lang ako talaga, Tob. Dahil sa huli ay ako 'yong naiiwan. Ako 'yong naghahanap. Ako 'yong naghihintay kung kailan lang niya maisipang balikan."

Niyakap ako ni Tob habang tinatapik ang likod ko. Naging mahirap para sa 'king pigilan ang mga luha ko. Lalo pa at nananakit na ang lalamunan ko, gumuguhit ang sakit hanggang sa dibdib.

"Pero kahit ayaw ko ay naghihintay pa rin ako sa pagbalik niya. Mas pipiliin kong lumayo siya sa 'kin, kung para naman 'yon sa sarili niya, kaysa iwan niya ako at magmahal ng iba. Iyon ang hindi ko kaya, Tob."

Tahimik na nakinig sa 'kin si Tob. Alam kong naiintindihan niya ako pero hindi niya alam kung ano ang sasabihin. Ayos na sa 'kin 'yong nandoon siya at nakikinig. Bukod kay Taguro ay mas kaya kong sabihin ang lahat ng nararamdaman ko sa kaniya kaysa sa iba.

Ngunit pareho kaming natinag nang may kumatok sa pinto. Kusa rin iyong bumukas at pumasok si Heurt. Kinabahan ako pero hindi ko na iyon ipinakita. Pakiramdam ko kasi ay sasabihin niyang nakaalis na si Taguro.

"Nasa Korea na siya?" pinilit kong magbiro ngunit nabigo ako.

"Si Maxpein?" inosenteng tugon ni Heurt. Nag-iwas ako ng tingin. **"Kagigising lang niya. Hinahanap ka."**

Gulat akong napalingon ulit kay Heurt. **"Nandito pa siya?"** hindi makapaniwalang tanong ko. **"Nandito pa siya! Tabi, Tob!"** Dali-dali akong tumayo.

"Putsa, dahan-dahan, 'dre!" nandoon ang pag-aalala sa galit niyang tono.

Hindi ko na sila inintindi pa. Nagmadali akong lumabas para lang makitang nando'n ang ilang myembro ng pamilya ko. Nagulat silang makita ako at tinanong kung saan ang punta ko. Hindi ko na sila sinagot dahil napanood nila kung paano akong magmadali papunta sa kwarto ni Taguro.

"Babe," agad kong bungad.

Naabutan ko si Taguro na nakaupo sa kama. Kaharap niya ang dalawang doktor at tatlong nurse na umaalalay sa kaniyang mapalitan ng benda sa braso. Pinagkunutan ako ng noo ng doktor pero kinausap siya ni Taguro.

Nakangiti akong lumapit at marahang naupo sa tabi niya. Pinanood ko ang mga iyon na tapusin ang ginagawang pag-aasikaso sa kaniya.

Ngunit natural na yata talaga ang pahapyaw na pagpapakilig ni Taguro. Parang kinikiliti ang puso ko sa seryosong pagsulyap-sulyap niya sa 'kin habang nag-aabang. Panay ang pagnguso ko pero ang seryoso niyang mukha ay pinangingiti ako.

"Gusto mo raw akong makita?" tanong ko.

"Sinong may sabi?" tanong niya, inalis ang tingin sa 'kin at itinuon sa braso niya.

"Mommy mo," sagot ko. Doon lang niya ibinalik ang tingin sa 'kin. **"Sulit ang ilang araw na paghihintay ko dahil nalaman kong paggising mo ay hinahanap mo ako."**

"Oo nga." Ngumiwi siya saka tumingala sa mga doktor at nurse. **"Thank you."** Tumango siya sa mga ito.

"Bakit mo 'ko hinahanap?" nakangising tanong ko. Gusto kong sabihin niyang na-miss niya ako.

"Magpapaalam sana ako." Nanatili siyang seryoso.

Nanatili akong nakangiti ngunit nabawasan na iyon. Nangunot ang noo ko. **"Magpapaalam?"**

"Aalis ako."

Napaayos ako ng upo at bahagyang nailayo ang mukha ko sa kaniya. *Aalis siya.* Hindi ko nagawang magsalita agad. Sandali akong tumitig sa

kaniya bago ko nagawang mag-iwas ng tingin. Hindi ko alam kung ano ang dapat kong sabihin. Sa tono niya ay desidido na siya at mukhang iyon lang ang pwedeng mangyari.

Gusto kong sabihin na isama niya ako. Pero alam ko na ang sagot. Hindi pwede. Bawal. At kasunod no'n ay sasabihin niya sa 'king may kailangan siyang asikasuhin. Saka mangangakong babalik at magpapaliwanag sa 'kin. Gano'n 'yon. Alam ko na.

"Woi," umusog siya papalapit sa 'kin.

Nilingon ko siya at tinitigan. Pero hindi ko pa rin nagawang magsalita. Nagbaba na lang ako ng tingin dahil hindi ko alam kung ano ang salitang kaya kong ilabas, kung ano ang emosyong dapat kong ipakita.

"Babe," bulong niya.

Nilingon ko siya. **"Gaano katagal?"**

Bumuntong-hininga siya. **"Isang linggo?"** alanganin niyang sagot.

"Bakit parang hindi ka sigurado?" walang emosyong tanong ko.

Ngumiti siya. **"Isang linggo lang."**

Napailing ako. **"Bakit naman isang linggo? Hindi pa nga magaling ang sugat mo. Hindi ka pa nakapagpapahinga nang ayos, Taguro."**

"Kailangan, eh," sumeryoso siya, tumingin nang deretso sa mga mata ko. **"Lilitisin ako."**

Kumunot ang noo ko. *Sana nga ay gano'n lang, Taguro.* Hindi ako sigurado kung alam niyang may ideya ako sa kapalit ng nagawa niya. **"Ano ang gagawin nila sa 'yo?"**

"Paglilitisan 'yong maling ginawa ko," nabuburyo niyang sagot.

"Nang hindi pa magaling ang mga sugat mo?"

Bumuntong-hininga siya. **"Natanggal na 'yong bala at pana sa katawan ko. Ayos na 'yon."**

Hindi ako makapaniwala. *Tao ba talaga 'to?* Inis akong nag-iwas ng tingin. **"Alam mo ba kung sino ang pumana sa 'yo?"** seryosong tanong ko saka tumingin sa kaniya.

Siya naman ang nag-iwas ng tingin. **"Daddy ko."**

Bahagya akong nagulat. **"Alam mo?"** Tumango siya. **"Sinabi niya sa 'yo?"** Umiling siya. **"Paano mong nalaman?"**

"Chairman lang naman ang pwedeng gumawa no'n."

Nahulog ang mga balikat ko. **"At ayos lang sa 'yo?"**

"May mga batas kami, Sensui."

"Ano ba 'yang organisasyon ninyo?"

Kunot-noo niya akong tinitigan. **"Miyembro kami ng isang lihim na organisasyon na hindi mo iisiping posible palang mabuo sa ganitong panahon. Isang organisasyong malayo pero malapit sa sibilisasyon."**

"Tch. Wala pa rin akong naintindihan." Nag-iwas ako ng tingin. **"Hindi ko maintindihan ang organisasyong ang mga myembro ay may kakaibang katangian. Mga wirdo pero magaling sa lahat."**

Nangiti siya pero agad ding sumeryoso. **"Tao kami. Tao ako. Wala kaming kapangyarihan pero meron kaming kani-kaniyang kakayahan. Ako si Maxpein, obligasyon kong protektahan ang pamilya ko."**

"Bakit ikaw?"

"Dahil ako si Maxpein."

"Ah, talaga? Punong-puno ka ng sense, Taguro," sarkastiko kong sabi. Napailing lang siya.

Hindi ko makuhang magbiro sa oras na 'to. Hindi ko malaman kung ano ang mararamdaman ko, lahat ay nangingibabaw. Gusto kong magalit dahil naiinis ako. Gusto kong malungkot pero lamang ang inis ko. Gusto kong magmakaawa sa kaniyang 'wag nang umalis pero naiinis talaga ako.

"Si Maxwell?" tanong ko.

"Responsibilidad ni Maxwell na panatilihing maganda ang kalusugan ng pamilya namin. Kaya nagpapakadalubhasa siyang maging isang doktor."

"Tch." Namamangha ako sa totoo lang. Ngunit sa estado ng emosyon ko ay sarkasmo lang ang naipapakita ko.

"Si Maxrill naman ang inatasang panatilihing malago ang pamumuhay namin."

Nilingon ko siya. **"Hindi ko 'yan naisip kahit kailan. Unbelievable. I'm amazed."** Sa kabila ng sinabi ko ay wala akong nailabas na emosyon.

"Obligasyon naming maging marunong, maging magaling. Kaya lahat kami ay matatalino."

"Kailangan mo talagang banggitin 'yan?" nanunuyang tanong ko. **"Nagsasabi ka ba nang totoo, o nagyayabangan lang tayo dito?"**

Ngumiwi na naman siya. **"Sa sobrang galing ko ay napaghahalo ko 'yang dalawang sinabi mo."**

"Sige na, ituloy mo na 'yong paliwanag mo. 'Wag mong dinadala ang seryosong usapang 'to sa pagyayabang mo."

"Tss." Ngumuso siya.

"Bakit walang nakakakilala sa inyo?"

"Wala kaming balak na ipaalam 'yon sa buong mundo. Bawal sa batas namin 'yon."

"Eh, bakit sa mga kilos ninyo ay parang hinahayaan ninyong makilala kayo ng mundo?"

"Dahil sa 'yo," kinindatan niya ako. **"Kaya kong ipakilala ang sarili ko sa buong mundo, para sa 'yo."**

"Mayabang," bulong ko. Pero ang kiliti sa puso ko ay hindi na nahinto.

"May mga batas kaming sinusunod sa loob ng organisasyon, na tanging kami lang ang nakaiintindi."

"Kasama ba diyan sa mga batas niyo ang kawalan ng pulis sa oras ng peligro?" nakangiwing tanong ko.

Tumawa siya. **"Hindi nga kami pwedeng makitang may kasamang pulis, iyon kayang magtawag pa?"**

"Bakit?"

"Dahil nasa batas 'yon."

Napailing ako. *Ang sarap niyang kausap.* **"Bakit ba may batas kayo?"**

"Dahil meron kaming sariling gobyerno, ang hukom. Sila ang gumagawa at nagpapatakbo sa mga batas na iyon."

"'Yon 'yong apat na matatanda?" tanong ko. Sinamaan niya ako ng tingin at pinagkunutan ng noo. Bahagya akong umiwas. **"Oh, sabihin mong bata pa 'yong mga yon, Taguro?"** hamon ko.

"Tss. Nirerespeto namin ang mga 'yon."

"Naiintindihan ko, pero lilitisin ka nila at hindi ayaw ko no'n. Dahil wala akong magawa para sa 'yo, Taguro."

"Hindi naman ako pababayaan ng pamilya ko."

"Eh, bakit dito kayo nag-aaral?" mayamaya ay tanong ko na naman. **"Wala bang school do'n sa inyo?"**

"Wala," seryosong sagot niya.

Napaiwas ako sa gulat. **"Anong wala? Bakit wala?"**

"Tss. Bakit? Ayaw mo bang dito ako mag-aral? Pa'no mo 'kong makikilala kung hindi ako dito nag-aral?"

"Si Maxrill ay doon nag-aral, hindi ba?"

"Hindi ba pwedeng maging masaya ka na lang at dito ako nag-aral, hindi doon?" nauubusan na siya ng pasensya.

"Aral-aral," bulong ko. **"O dahil kay Randall?"**

"Maayos ang pag-aaral ko noon. Tumagilid lang. Kaya gano'n na lang ang galit ng Chairman sa 'kin nang magloko ako."

"Dahil nga kay Randall?" nakangiwing ulit ko.

Halatang gusto niyang matawa pero hindi niya ipinagkait sa sarili ang kagustuhang matitigan ang gwapong mukha ko.

Tumango siya. **"Dahil kay Randall."**

"Tch. Nagawa mong magloko para sa lalaking 'yon?" Pinalakpakan ko siya nang mahina. **"Very impressive, Maxpein."**

Ngumiwi siya. **"Mas hinahangaan ko 'yong ulul na lalaking nakilala ko,"** kwento niya na para bang totoong-totoo, kailangan kong paniwalaan. Kahit na alam ko namang ako ang tinutukoy niya. **"Biruin mo, pinatid lang ako, nahulog na ang loob ko? Tss. Maniniwala ka bang para maging maayos ang buhay naming pareho ay sumabak ako sa gulo?"**

Galit ang hitsura ko habang nakatitig sa kaniya. Gusto kong mas ipakita pa ang galit ko pero ang mga salitang binitiwan niya ay sadyang makapanindig-balahibo. Parang hinihipo ng mga iyon ang puso ko.

"Pinagsisisihan mo?" seryoso pa ring tanong ko.

Ngumiwi siya at kunyaring nag-isip. **"Medyo. Parating nananakit ang katawan ko."**

Nagulat ako. **"Ano!"**

"Biro lang," tumatawang sabi niya.

"Nakakabilib talaga 'yang talento mo sa pagbibiro, 'no?"

"Gano'n talaga kapag mahal mo. Kahit anong pangit ng biro niya ay tatanggapin mo kasi nga mahal mo."

"Biro nga lang ba ang pangit sa 'yo?"

Nagsalubong ang kilay niya. **"'Wag mo sabihing pangit pa rin ako sa paningin mo?"**

Doon na ako natawa. **"Hindi naman. Pero mas maganda pa rin 'yong mga babaeng may gusto sa 'kin,"** pagsisinungaling ko.

Umayos siya ng tindig. **"King ina 'yan naman ang ayaw ko. 'Yong ikinukumpara ako sa mga babaeng magagaganda nga pero paningin mo lang ang nakuha."**

Napangiti ako sa sinabi niya. **"Biro lang 'yon."** Inakbayan ko siya at hinapit papalapit sa 'kin. Hinalikan ko siya sa noo saka sinilip ang mukha. **"I love you"**

Inis siyang suminghal ng tingin. **"I love you, too."** Sinabi niya iyon nang masama kunyari ang loob.

Dinuro ko siya at tinapik ng daliri sa ilong. **"Siguraduhin mong babalik ka sa loob ng isang linggo, Taguro."**

"Don't worry, Sensui babe, I have this habit of coming back," hinalikan niya ang labi ko. **"To you."**

Ngumiti ako ngunit nilamon iyon ng lungkot. **"I wish I have the ability to make you stay still next to me."**

Dahan-dahang nabura ang ngiti niya at malungkot na tumitig sa 'kin. Nang sandaling 'yon ay naramdaman kong nagso-sorry siya.

"I'm trying really hard not to cry, babe. Every tear reminds me that I don't know how to make you stay," emosyonal na dagdag ko.

"Babe... I need to do this."

"I know," tumango ako, pilit ang ngiti. **"You're leaving me again, and I can't do anything about it. I know you'll back, I trust you. But trust me I understand you, though it breaks me too."**

Doon na tumulo ang ilang butil ng luha mula sa mga mata ko. At bago pa magtuloy 'yon ay sinapo ko na ang parehong pisngi niya upang siilin siya ng halik.

One week, Taguro. Kapag hindi ka bumalik ay ako ang pupunta sa 'yo.

~ To Be Continued. . . ~

~

OceanofPDF.com

CHAPTER 227 : THE TRUTH 2

CHAPTER 227 : THE TRUTH 2

MAX'S POV

"I KNOW you'll come back to me and make everything better." Sinabi ni Sensui iyon sa mismong mga mata ko matapos akong halikan.

Seryosong-seryoso, sinserong-sinsero. Madalang ko siya makitang gano'n, madalas ay kapag nagpapakatotoo lang siya. Nasanay ako sa pagiging isip-bata niya. Gwapo siya sa t'wing iiral ang pagiging isip-bata. Pero gwapong-gwapo siya kapag ganito kaseryoso. Napakahirap alisin ng paningin ko sa kaniya kapag ganoon. Kung pwede lang sanang titigan ko siya nang gano'n lang. Pero imposibleng hindi siya magsasalita.

Tss.

Tumango ako. **"Fate won't let me lose you. But for now I will pay for loving you this much."** Nginisihan ko siya.

"Pay?" kunot-noong tanong niya. **"Your feelings for me is priceless, Taguro."** Pinagkrus niya ang mga braso, nananatiling seryoso. **"Ano ang babayaran mo?"**

"Tss. Biro kasi 'yon."

"Ah, 'ganda ng biro mo," nakangiwi siyang tumango-tango. **"Nasa'n 'yong tawa ko kung gano'n?"**

Napamaang ako. **"Masyado kang nabighani sa ganda ko, hindi mo na kinayang tumawa,"** seryoso ko ring sagot, nagyayabang.

Nandiri siya. **"Mula no'ng maging boyfriend mo ako ay gandang-ganda ka na sa sarili mo."** Nagtawanan kami. **"Gusto mo bang mas gumanda pa?"** tanong niya na hindi ko mawari kung nagpapa-cute o sadyang gwapo siyang tingnan sa gano'ng ngiti.

Iyong ngiting seryoso pero nando'n ang ngisi. Ang mga mata niya ay kumikislap sa paningin ko. Bawat galaw ng manipis na labi niya ay sinusundan ng mga mata ko. At sa paraan niya ng pagkakatitig sa 'kin ay napapaawang ang labi ko.

"Tinatanong kita, Taguro. 'Wag mo 'kong titigan," iritable niyang sabi.

Sandali ko pang hinayaan ang sarili kong abusuhin ang pagtitig sa kaniya saka ako bahagyang humalakhak. **"Pati pagpapaganda ay alam mo na ngayon, ah? Anong kurso ba talaga ang kinukuha mo? Engineering o Cosmetology?"**

"Tch." Sumimangot siya, seryoso pa rin. Gwapong-gwapo pa rin. **"Minsan talaga ay slow ka rin."**

"Minsan lang. Ikaw, madalas."

"Ano!"

"Biro lang. Tss."

Sinamaan niya ako ng tingin. Mula sa mata, papunta sa ilong at huminto sa labi ko. Matagal siyang tumitig sa mga labi ko saka ngumisi. Nailang ako pero hindi ko iyon ipinahalata.

"Nagugwapuhan ka ba sa 'kin, babe?" tanong niya matapos ilapit nang bahagya sa 'kin ang mukha niya.

Umasta akong nag-iisip. Kumunot naman ang noo niya saka bahagyang lumayo. Ipinatong niya ang isang hita sa kama at ipinatong doon ang kaniyang siko.

Saka siya deretsong tumitig sa 'kin. **"Hindi ko inaasahang pag-iisipan mo pa ang sagot sa tanong ko, Taguro. Nakakainsulto."**

"Ano ba ang mapapala mo kung nagugwapuhan ako sa 'yo? Sasabihin mo na naman sa 'king maswerte ako?"

Ngumiwi siya. **"Gusto ko lang malaman kung ano ang pakiramdam ng isang simpleng babae na gaya mo,"** tiningnan niya ang kabuuan ko. **"Na minahal ng isang gwapong tulad ko."**

"Simple?" Ngumisi ako saka tumango-tango. "Simple pala ako."

"Simple ka naman talaga," masungit niyang tugon. **"Besides, mas bagay sa 'yo ang salitang simple kaysa normal. Tch. So tell me, how does it feel to be loved by Deib Lohr Enrile?"** Pinagsingkit niya ang mga mata at inawang ang mga labi.

Pinagkunutan ko naman siya ng noo. **"Anong hitsura 'yan?"** naaasar kong tanong.

"This is what handsome looks like, babe."

Napasinghal ako sa pagtawa. **"Okay."** Tumango-tango ako.

"Ano nga? Gwapo ba ako sa paningin mo?"

"Well, I...visually enjoy you."

"That's it?"

Nag-isip ako kunyari. **"Sa kwartong 'to, ikaw ang pinakagwapo."**

Nanlumo siya. **"Imposibleng hindi ka nagugwapuhan sa 'kin, eh."** Hindi talaga siya kumbinsido.

"Eh, bakit ba kailangan ko na namang sabihing gwapo ka?"

Lumamlam ang mga mata niya at ngumiti nang natural. **"Gusto ko kasing naririnig 'yon mula sa 'yo,"** tumingin na naman siya sa labi ko. **"Na gwapo ako."**

Umikot ang paningin ko. **"Oh, 'di, sige, gwapo ka."**

"Tch. Napipilitan ka pa, ah?"

"Hindi naman."

"Bakit hindi mo 'ko sagutin nang ayos? Tch."

"Maayos naman 'yon, ah?" Nag-iwas ako ng tingin.

"How does it feel to be loved by me, babe?" pabulong niyang tanong, nangungulit habang naglalambing.

Mataman ko siyang tiningnan. **"How does it feel to know that I love you?"**

"Bakit ba sinasagot mo ako ng tanong din?" nainis siya.

"Dahil wala akong akmang salitang maisasagot diyan sa tanong mo," huminga ako nang malalim at umayos ng upo. "Ayoko nang nagtatanong ka ng ganiyan."

Nangunot ang noo niya. **"Bakit? Galit ka ba?"** Nag-alala siya.

"Hindi." Nginisihan ko lang siya. "Ang mga ganiyang tanong ay alam mo na dapat ang sagot, Deib Lohr. Kasi kung hindi, ibig sabihin ay hindi ko naipapakita nang tama ang dapat mong nakikita. Ibig sabihin ay hindi ko naipaparamdam nang sapat 'yong dapat mong nararamdaman." Sa isip ko ay hinihiling kong sana ay nakuha niya ang ibig kong sabihin.

Pero sa paraan nang pagkakatitig niya sa 'kin ay mukhang masiyado akong naging malalim. Naglapat nang maigi ang mga labi ko saka ako napabuntong-hininga.

"Ang love ay hindi ka dapat binibigyan ng pagkakataon na kuwestiyonin ang nararamdaman para sa 'yo ng taong mahal mo," patuloy ko, sa tonong nagpapaintindi. "Ang love ay hindi kailangang maghigitan sa pagmamahal, there shouldn't be conditions or levels. Ang love ay hindi kailangang maging obligasyon."

"And it should not consist of waiting around for the person you care infinitely about, right?" sabat niya, may panunumbat.

Ngumiwi ako at masamang tumitig sa kaniya. **"Right. And it should not make you want to get even,"** mariin kong sabi. **"Hindi pa nga ako nakakaalis parang nanunumbat ka na, eh."**

"Ikaw kaya ang paghintayin ko?" nakalabing aniya. Nakanguso siyang nag-iwas ng tingin. "Mahirap maghintay, Taguro. Masakit."

Napamaang ako. **"Grabe, para isang linggo, ang lalim mo, ah?"**

Seryoso siyang tumitig sa 'kin, matagal bago nakapagsalita. **"Eh, kung sabihin ko sa 'yong wala akong tiwala sa isang linggo mo?"**

Isip-bata talaga, tss. **"Ayaw mo nang maghintay kung gano'n?"** mataray na tanong ko.

Sinamaan niya ako ng tingin, at hindi na iyon parte pa ng pagiging isip-bata o pag-iinarte niya. Marahil ay dahil sa lungkot. **"My feelings for you does not end,"** nagmamaktol ang tinig niya nang bumulong. **"I have no choice. Maghihintay ako."**

Ngumisi ako para mapigilang matawa. Pero sa loob-loob ko ay para akong nakahinga matapos ang matinding kaba. **"'Yon naman pala, eh."**

"Tch! Ang dami mong sinabi, eh, hindi naman 'yon ang topic, Taguro. Ang tinatanong ko ay kung naguguwapuhan ka ba sa 'kin? Hindi mo ba naintindihan dahil English?"

"Tss," pinagkunutan ko siya. "Hangga't may gusto ako sa 'yo, nananatili kang gwapo, okay?"

"Ah, hitsura ko lang pala ang habol mo?"

"Ang lakas talaga ng bilib mo sa 'kin, eh, 'no?" Humalakhak ako.

"Ano?"

Syempre, hindi niya na-gets. **"Wala." Sumandal ako sa head board, pakiramdam ko ay nangangalay na ako kauupo.**

Hinawakan ni Sensui ang kamay ko at sandaling tumitig doon. Sandali ring nangibabaw ang katahimikan sa pagitan namin, laking pasalamat ko. Ang bibig niya ay daig pa ang alarm clock na kailangang mapindot para mahinto. Habang si Zarnaih naman ay may bibig na gano'n sa fire alarm, wala na ngang hinto, sobrang lakas pa. Lahat ay maaalarma.

"Kailan ang alis mo, babe?" mayamaya ay tanong niya. Mukhang babalik na uli kami sa seryosong usapan na naudlot kanina.

"Bukas."

"Umaga?" tanong niya, pilit na itinatago ang lungkot sa mga mata. Tumango ako. **"Pwede bang ihatid kita?"**

Napabuntong-hininga ako. **"Gusto ko rin sana, pero 'wag na."**

Lalo siyang nalungkot. **"Bakit?"**

"Baka hindi ako makaalis no'n, Sensui."

Tumitig siya sa 'kin. **"'Yon nga ang gusto kong mangyari."** Saka siya pilit na ngumisi.

Pinisil ko ang kamay niya. **"Babe..."**

"I'm going to miss you."

"One week, Sensui."

Umiling siya saka nagbaba ng tingin. **"I hate this feeling, babe."** Bumuntong-hininga siya saka tumingin sa 'kin. **"Hangga't maaari ay ayaw ko nang malayo ka. Nahihirapan kasi ako ng gano'n."** Seryoso siya. Pero hindi ko maiwasang mapangiti dahil para siyang umaamin sa isang pagkakasala. **"Alam mo namang gusto ko ay 'yong parati kitang nakikita.**

Tumayo ako at kinuha ang mga kamay niya. Ngumiti ako saka siya bahagyang hinila. **"One week."**

"One week," tumayo siya.

"Bumalik ka na sa kwarto mo, kailangan mong magpahinga."

Sumimangot siya. **"Akala ko pa naman kaya mo ako hinahanap ay gusto mo akong makasama nang matagal,"** bumuntong-hininga siya. **"Bakit itinataboy mo na naman ako?"**

"Hindi kita itinataboy," pinalambing ko ang boses ko para mawala ang iritasyon niya. **"Gusto ko lang na makapagpahinga ka."**

"Hindi ako mapapagod makipag-usap sa 'yo. Mas gusto kong makasama ka."

"Tsk." Umasta akong magagalit na. **"Kailangan mong magpahinga. Hindi ka pa nga nakakabawi sa lakas na nawala sa 'yo. Kailangan mong ikundisyon ang katawan mo."**

"Tch, may pagkukundisyon pa? Para saan?"

"Sa pagbabalik ko."

"Tch." Nagmaktol siya. Patulak ko naman siyang iginaya papalapit sa pintuan. **"Kahit magpahinga ako ngayon ay buong linggo akong mapapagod kaiisip sa 'yo, Taguro."**

"Grabe. Mag-iisip ka lang, napapagod ka na?" biro ko. **"Dalas-dalasan mo kasi ang pag-iisip para masanay ka."**

Awtomatiko siyang humarap sa 'kin, masama ang tingin. **"Pwede bang bagu-baguhin mo 'yang mga biro mo? Nuknukan ng pangit, Taguro. Naglalambing ako tapos 'yong biro mo...tsk!"**

"Oh, sige na, hindi na," sabi ko habang nakasuko ang parehong kamay. **"Tss. Kung magalit, akala mo naman kaya niyang saluhin ang kamao ko,"** bulong ko.

"Ano!"

"Ang sabi ko, ako naman ang iisipin mo, ano ang nakakapagod do'n?" Nagpatuloy ako sa pagtulak sa kaniya. **"Sige na, magpahinga ka. Kumain ka nang ayos. Gawin mo ang lahat ng sinasabi ng mga doktor. Inumin mo nang tama sa oras ang mga gamot na ibibigay nila sa 'yo. Kailangang maging malakas ka, at gawin mo 'yon para sa ikasasaya ko."**

"Ako nang ako ang iniintindi mo, eh, hindi mo pa nga sinasabi sa 'kin kung kumusta ang mga tahi at sugat mo."

Nawala ang ngiti sa labi ko. **"Ayos lang ako. Sige na."** Itinulak ko siya ulit.

Bubuksan ko na sana ang pinto ngunit sumandal siya ro'n at nakangusong tumitig sa 'kin. **"Bakit naman kasi isang linggo, Taguro?"**

Natawa ako. *Mangungulit na naman 'to. Gano'n ang utak niya, eh. Sandaling tatahimik pero matapos ang ilang saglit ay babalik sa sakit, ang pangungulit.* **"Maikli na nga 'yon, Sensui."**

"Maikli para sa 'yo dahil ikaw ang aalis, Taguro." Sobrang lungkot ng mukha niya.

"Ako rin naman ang babalik, Sensui."

"Malamang! Tch! Ikaw ang umalis, eh!" Iritable na talaga siya. Para bang gusto niya nang isampal sa 'kin ang kawalang-kwenta kong kausap.

Oo nga naman, Maxpein. Magtaka siya kung pagbalik mo, si Britney ka na. Tss. **"Ang mahalaga ay bumabalik. Okay?"** Hinawakan ko ang mga pisngi niya at saka ko siya nginitian. **"I'll come back to you, just wait and see."**

Bumuntong-hininga siya at nagbaba ng tingin. Malungkot pa rin siya. Wala yata akong pwedeng sabihin na makapagpapagaan sa loob niya. Dahil ang katotohanang aalis na naman ako, at maiiwan siya, ay sadyang napakalungkot para sa kaniya.

Naiintindihan kong nahihirapan siya at nalulungkot. Gano'n din naman ako. Walang sitwasyong madali sa oras na 'yon. Pareho kaming nahihirapan

at nalulungkot. Pero ayokong ipakita sa kaniya ang lungkot ko. Kailangang maski isa sa aming dalawa ay may ipakitang lakas para hindi kami sabay na bumagsak.

"Cheer up, handsome," tinapik ko siya sa panga. **"Smile."**

Nag-angat siya ng tingin sa 'kin saka sumimangot. **"I can't."**

Napabuntong-hininga ako saka nakangiting tumitig sa kaniya. **"Then you should be kissed,"** nakangising sabi ko. Nakita ko ang mabilis na pagtaas ng kilay niya, kahit anong tago niya ro'n. Gano'n pala katindi ang epekto ng salitang 'yon sa kaniya, nagigising. **"You need kissing, badly. It'll make you happy," patuloy ko.**

Nakasimangot siyang tumingin sa 'kin at tumitig. **"I can't."**

Kilay ko na ang tumaas. *Aba, may pagtanggi?* **"You can't? Bakit?"** nautal ako.

"I can't wait," malungkot kunyaring aniya saka ngumisi. **"And I want these,"** tinapik niya ang dalawang braso ko. **"On the back of my neck, babe," patuloy niya.**

Napamaang ako. **'Gano'n talaga dapat?"**

Tumango siya nang malungkot, nagpapanggap na hindi excited. Kunot-noo akong nag-iwas ng tingin sa inis. Napakaimposible ng taong ito. Kung may kakahayan akong magyabang sa oras ng peligro, may abilidad siyang humingi ng halik kahit naghihingalo.

Nanlalaki ang mga mata kong tumitig sa kaniya.

"Isang linggo 'yon, Taguro. Ilagay mo ang mga kamay mo sa batok ko."

"Ano?" nagugulat pa rin at nalilito kong tanong. **"At ano na naman ang gagawin mo?"** mataray na tanong ko.

"'Yong pahinga na sinasabi mo."

"Anong pahinga?"

"Pagpapahingahin ko ang katawan ko, labi lang ang pakikilusin ko." Ngumisi siya.

"Eh, kung iumpog kita dyan sa kinasasandalan mo?"

"Dahil sa diin ng halik mo?" nakatingala niyang pinagana ang imahinasyon. **"Pwede,"** tatango-tangong aniya na noon lang ulit nagbaba ng tingin sa 'kin.

Bigla ay sumagi sa isip ko nang minsan kong sabihin sa kaniya na sa susunod ko siyang hahalikan ay mas mariin na. Napakislot ako sa sariling kahihiyan.

"Gawin mo na, dahil hindi madali ang maghintay, Taguro. Isang linggo akong mag-aagaw-buhay. Gano'n."

"Napaka-OA mo," bulong ko. **"Bubuhayin kita,"** seryosong sabi ko.

"Posible 'yon, kung ipapasa mo sa 'kin ang hangin mo. Ngayon pa lang ay naghihingalo na ako, eh. Hehehe. Halikan mo na 'ko, Taguro!" Hindi niya pinansin ang pagiging seryoso ko.

"Tss. Sa ospital mo pa paiiralin 'yang sakit mo, ah?"

"Tch. At least hindi nakakahawa ang sakit ko kompara sa daan-daang sakit na meron sa ospital na 'to." Proud siya.

"Wala namang gamot 'yang pagiging manyakis mo."

"Ano? Excuse me," napaiwas siya. **"Hoy, mayabang na babae,"** dinuro niya ako. Hindi ko alam kung bakit napakasarap pakinggan ngayon ng boses niya. **"Halik lang ang nasa isip ko. Ikaw 'tong marumi kung mag-isip, eh. Kung saan-saan agad umaabot 'yang imahinasyon mo. If you're thinking about *it,* I can wait."** Ngumisi siya.

"Ano namang *it*?" inis na tanong ko, nagpapanggap na hindi nakuha ang tinutukoy niya. Nakaramdam ako ng hiya matapos.

"I'm talking about your miracle." Ngumisi siya.

"My miracle? Tss."

"Yes. It will take a little time. Don't rush, babe."

Napamaang ako. **"Ha! At ako pa talaga, ah?"**

Tumango siya. **"Kaya tiis na lang muna, babe. Kumbaga kasi sa prutas ay hilaw ka pa."**

"At ikaw ay hinog na?"

"Hindi naman," ngumiwi siya. **"Ang punto ko ay kinakain ko lang ang prutas kapag hinog na."** Naging makahulugan ang dating sa 'kin ng mga salita, lalo na niyong ngiti niya.

Kinakain...kinakain...kinakain... Napalunok ako. Kunot-noo akong umiling na para bang magagawa no'ng burahin ang maruming naisip ko.

Tumingin ako sa kaniya pero huli na ang lahat para makapagsalita pa ako. Dahil ang mukha niya ay mabilis niya nang nailapit sa 'kin. Unti-unti siyang ngumisi habang nakatitig sa labi ko. Naisip ko tuloy kung ano ang iniisip niya para mapangisi siya nang gano'n.

Nang sandaling maglapat ang mga labi namin, pakiramdam ko ay noon ko lang 'yon naramdaman. Kahit na ang totoo ay ngayon lang ulit. Kailan lang iyong huling beses na halikan niya ako pero para bang napakatagal na

niyon. Ipinaparamdam ng labi niya sa 'kin kung gaano katindi akong manabik sa kaniyang halik.

Hinawakan niya ang magkabila kong pisngi. Ginawa niyang manibela ang mukha ko, minamaniobra paabante sa kaniya. Mayamaya pa ay dumausdos sa balat ng mga braso ko ang parehong palad niya. Kinuha ng mga iyon ang pareho kong kamay at isinabit sa batok niya. Saka pinapirmi ang sariling mga kamay sa bewang ko. Humihigpit sa magaang paraan ang hawak niya, hindi ko maipaliwanag nang tama.

Sinimulan niya nang mabagal, mararamdaman ang lambot ng labi naming dalawa. Itinuloy niya nang magaan, wala kasing mararamdamang bigat sa bawat isa. Ngunit pinalalim niya iyon nang may respeto, siya lang ang nakagagawa niyon. Iyon ang tatak ni Deib Lohr.

Siniil niya ng halik ang ibaba kong labi at sinimsim 'yon nang matindi. Matapos ang ilang sandali ay ang itaas namang labi, sa paraang nakakapang-akit. Nang mahuli niya ang hinahanap ay saka ko lang napagtanto na 'yon ang paraan niya para makatuloy, nang-aangkin nang todo.

Hinawakan niya ang leeg ko para mas idiin ako papalapit sa kaniya. Habang ang isa pang kamay niya ay gumapang pababa sa likuran ko. At ang kaninang mabagal at magaan na halik ay naging mabilis at mabigat. Mas lumalim sa paraang unti-unti ko ring sinasabayan.

May paraan siyang sinisimsim ang labi ko, bahagya iyong kakagatin at hihilahin. Ngingisi siya saka magpapatuloy nang hindi pinaghihiwalay ang mga labi namin. Kakaiba.

Ngunit nakakagulat na may maipaparamdam pa pala siya sa 'kin na mas kakaiba. Iyong hindi ko pa naramdaman at nakita. Ang mga kamay niya ay nagsimulang humawak sa kung saan-saan. Kamay niyang mabagal naman pero sa sobrang pagkalunod ko ay hindi ko na malaman kung nasaan. Ang kiliti at kuryenteng idinudulot ng palad niya ang tangi kong natatandaan.

Bawat parte ng katawan kong madaanan ng mainit niyang palad ay parang sabay na kinikiliti at pinagliliyab. Hindi ko maintindihan. Lintik sa bilis ang tibok ng puso ko, kabang-kaba. Pero wala akong ginagawa para mahinto siya.

Hanggang sa maramdaman ko ang buo niyang braso na sinasakop ang kabuuan ng bewang ko. Pumisil nang paulit-ulit ang kamay niya sa magkabilang balakang ko. Dahan-dahan akong ipinipihit patalikod ngunit pinananatili sa posisyon ang aking ulo. Naramdaman ko na lang nang

kalasin niya ang pareho naming labi. Hinalikan niya agad ang gilid ng labi ko hanggang sa mapunta iyon sa pisngi.

At sa hindi inaasahan ay dumapo ang mga labi niya sa tainga ko at unti-unti pang bumaba. Napapikit ako nang pagsabayin niya ang paghinga at paghalik sa leeg ko. Napalunok ako kasabay nang pagkakuyom ng parehong kamao. Naramdaman ko ang mga kamay niyang tinatalunton ang balat ko sa parehong braso. Pinadausdos niya ang mga iyon hanggang sa mahawakan ang kamay ko. Nagtitindigan isa-isa ang aking mga balahibo.

Iniyakap niya sa 'kin ang sarili kong mga braso. Iniwan niyang nakaakap din sa akin ang mahaba niyang braso.

Hindi ko alam kung paano niya nagagawang sakupin ang buo kong bewang gamit ang iisang braso. Ang mas kamangha-mangha ay napipigilan niya, gamit ang labi, ang anumang kilos ko.

Ngunit iyon na pala ang simula ng kakaiba niyang plano. Ang makamandag na kamay ni Sensui ay umakyat sa dibdib ko at sandaling naglaro ro'n. Naramdaman ko na iyon, hindi na iyon ang unang beses niyang ginawa iyon sa 'kin. Pero hindi ko maintindihan kung bakit mas matindi ang dating at pakiramdam niyon ngayon. Ang katawan kong nagpaalipin sa labi niya ay sumabay naman. Lumiyad nang kusa ang katawan ko at walang ginawa kundi ang magparaya.

Pero hindi iyon nagtagal. Dahil nang dumausdos ang palad niya mula sa dibdib paibaba sa tiyan ko ay bumilis pa nang todo ang pintig ng puso ko. Ang desisyon ko ay apektado dahil sa makamandag niyang labi. Ang isip ko ay nahulaan na agad kung saan papunta ang malikot niyang kamay.

Halos manginig ang laman ko nang maramdaman ko ang mainit niyang palad na dahan-dahang dumadausdos papasok sa underwear ko. Naramdaman ko ang tuhod niyang marahan na pinagpaparte ang dalawang hita ko, doon nagmulat ang hindi makapaniwalang mga mata ko.

"Shit, Maxpein..." dinig ko ang napakahinang bulong niya. Mas isinubsob niya ang mukha sa balikat ko at doon nagpaulan ng halik.

Hindi ko nagawang sumagot, o tumutol man lang. Dahil maging ang salita at pagtawag niya ay nagdulot ng kung anong hindi maipaliwanag na kiliti sa akin.

Nakagat ko ang sarili kong labi habang pinapanood ko siyang nakapikit, tila ninanamnam ang ginagawa. Kakaiba ang epektong idinulot niya sa 'kin. Bago. Walang kapareho ang pakiramdam. Parating bago.

Nagmulat siya at nagtama ang paningin namin. Pareho kaming parang liyong-liyo, nalalasing sa kababalaghang ginagawa. Nagtatanong ang mga mata niya ngunit ayaw papigil ng kamay at mga daliri niya.

Go ahead...touch it. Ginulat ako ng sarili kong isip! He is releasing my wild soul!

Ang laman na iyon ng isip ko ay para bang nabasa ni Deib Lohr nang magdulot siya nang kakaibang kiliti sa buong sistema ko sa sumunod niyang ginawa! Nagawa niya akong baliwin sa loob ng iilang segundo!

Napaawang ang labi ko, handang-handa nang magprotesta. Ngunit dahil sa kakaibang pakiramdam na idinudulot ng labi at dila niya sa batok ko ay hindi ko pa rin nagawang magsalita. Dumagdag pa ang kamay niyang natunton na ang bungad ng pagkababae ko.

Hindi ko magawang tumanggi. May kakayahan akong gawin iyon, nasisiguro ko. Pero sumasang-ayon ang katawan ko, tinatraydor ako. Gustong-gusto!

Hindi ko maipaliwanag ang pakiramdam! Hindi ko mapangalanan! Napahawak ako sa braso niyang nakayakap sa 'kin. At unti-unti iyong dumiriin habang tumitindi ang kiliting dumadaloy sa buo kong katawan. Pinanghina ng kiliting iyon ang mga tuhod ko. Sa sandaling iyon ay hindi kapani-paniwalang mas malakas sa 'kin ang lalaking ito. Pero siya rin ang dahilan ng panghihina ko.

At gano'n na lang ang paghahabol ko sa hininga nang huminto siya. Ni hindi ko naramdaman kung paano niya nagawang yumakap ulit sa 'kin. Mahigpit na mahigpit. Dinadampi-dampian pa rin niya ng halik ang batok ko, ang balikat ko, hanggang sa makabalik siya sa pisngi at muli akong iharap sa kaniya.

Nakapikit niyang hinalikan ako. Sa una ay halos maduling ako sa pagtitig sa kaniya. Ngunit unti-unti na ring nagsara ang mga mata ko nang maramdaman ko ang kakaibang pakikipag-usap niya. Kaluluwa sa kaluluwa.

Maingay ang paghinga niya nang huminto. Naghahabol at nananatili pa ring nakapikit. Para bang sa ganoong paraan niya mapapakalma ang sarili.

Hinapit niya ang bewang ko papalapit at saka siya nagmulat sa akin. **"I am madly in love with you, Maxpein. And you will never know just how beautiful you are to me."** Sinabi niya iyon nang marahan, namamaos, nakatitig at sinsero. Napalunok lang ako. **"I love you."** Dinampian niya ng

halik ang noo ko saka yumakap. **"Nanghina ako."** Humalakhak siya sa huli.

Napalunok ako nang kumalas siya para harapin ako. Hindi ko alam kung ano ang dapat kong sabihin o maging reaksyon. Nahihiya ako sa kaniya sa hindi maintindihang dahilan. Tumitig siya sa mga mata ko, napakurap ako nang paulit-ulit. Lumamlam ang mga mata niya, may kung anong init akong nababasa. Mayamaya ay nagbaba siya ng tingin sa sarili niyang galamay.

Nagbaba rin ako ng tingin at nagugulat pa ring napatitig sa daliri at kamay niyang dumampi sa akin. Napalunok ako nang paulit-ulit. Paulit-ulit nang paulit-ulit habang pinapanood ko ang daliring iyon na lumapit sa labi ni Deib Lohr Enrile! Namilipit ako sa hindi maipaliwanag na dahilan.

Umawang ang labi ko at saka ako lumayo sa kaniya.

"Your taste is a mixture of honey and strawberry. You are unbelivably intoxicating, Maxpein."

Ngumisi si Sensui at kinagat ang sariling labi matapos tikman ang sariling daliri. Matagal siyang tumitig sa 'kin, sa labi ko at sa mga mata ko. Tiningnan niya ako nang napakatagal, na sa sobrang tagal ay pwede na akong himatayin at magising muli dahil sa kahihiyan.

Marahan siyang humakbang papalapit sa 'kin, napasandal ako sa pinto at muling napalunok.

"And you're making me wonder what the rest of you would taste like, Maxpein," halos ibulong niya sa sobrang hina ang mga salitang 'yon, namamaos siya sa hindi malamang dahilan. **"I'm craving..."** Nakangising bumaba ang tingin niya sa kabuuan ko at natigil lang 'yon nang duruin ko siya!

"I-Ikaw!" Hindi ko napigilan ang sarili kong mautal.

Nakangisi siyang humalakhak dahilan para lalo akong mainis at mapahiya nang sabay. Gusto ko siyang pagalitan ngunit hindi ko alam kung ano ang sasabihin. Gusto ko siyang sigawan pero hindi ko alam kung paano iyong gagawin. Inalis niya ang lahat ng kakayahan ko dahil sa mapaglaro niyang isip, labi, kamay at mga daliri!

Oh! Ang mga daliri ni Deib Lohr Enrile! King inang mga daliri! Kayang patumbahin ang isang del Valle!

At pinagagalitan ko ang sarili ko gamit ang isip dahil hinayaan ko lang siya. Na imbes tumanggi at magprotesta ay nagustuhan ko pa.

"I will never share even a piece of you to any guy. Meron ka nang selyo, Taguro." Ngumisi siya sa paraang gwapong-gwapo siyang tingnan.

At nakakainis 'yon.

Nakakahiya! Nangatal ang mga tuhod ko. **"B-Bakit mo ginawa 'yon!"** singhal ko. Pakiramdam ko ay lalo lang akong napahiya dahil noon ko lang itinanong. *Ninamnam ko pa talaga muna bago itinanong! King ina!* **"Para saan 'yon, Deib Lohr!"** angil ko.

Huli na ang lahat para magalit. Pero iyon na lang ang paraang meron ako para maitago ang hiya ko na hindi ko malaman kung paanong hindi maipapakita sa kaniya. Nakakahiya dahil wala akong ipinaramdam sa kaniya nang sandaling ginagawa niya iyon kundi ang pagpayag ko. At mas nakakahiya dahil sa pagkakangisi niya sa 'kin ngayon ay nasisiguro kong naramdaman niyang ginusto ko rin iyon. Ang pinakanakakahiya ay dahil totoo!

"Para saan 'yon!" nakapikit nang singhal ko nang hindi siya sumagot.

"Para siguradong babalikan mo ako," bulong niya, saka nagnakaw ng halik sa ilong ko at bahagyang lumayo. **"Don't worry...it will be our shared secret sin."** Nakangisi siyang tumitig sa mga labi ko bago muling tumingin sa mga mata ko.

Hindi ko maintindihan kung ano ang problema ng paningin ko. Gwapong-gwapo ako sa kaniya sa sandaling ito.

"Kahit sa ospital ay hindi mo mapigilang magmilagro," sinamaan ko siya ng tingin. Tingin na binabantaan siyang huwag nang lumapit ulit sa 'kin.

"Dito naman madalas mangyari ang milagro, ah?" Dinilaan niya ang sariling labi at saka kinagat.

"Manyakis." Gusto ko iyong isigaw sa kaniya. Pero ang hiya ko ay sadyang nangingibabaw, hindi ko kaya. Mahirap isumbat ang pagiging manyakis niya gayong pumayag din naman ako sa gusto niya.

Ngumisi siya. **"Kahit nasaan ako, basta ikaw ang kasama ko, magagawa ko ang kahit na ano, Taguro."** Doble ang ibig niyang sabihin sa pang-intindi ko.

"Bumalik ka na nga sa kwarto mo!"

"Okay." Nang-aasar talaga ang ngiti niya. **"Hindi magtatagal at matutulog din tayo sa iisang kwarto, Taguro."**

"Sira ang ulo mo."

"At sa susunod na maoospital ka, panonoorin kitang isilang ang anak ko."

Natigilan ako sandali at pinagkunutan siya ng noo. **"Lumabas ka na nga!"**

"Come back to me, Maxpein, okay? And I want you to settle down with me." Doon lang siya sumeryoso. Nabigla ako at inintindi ang huling linyang kaniyang sinabi. Pero nananatiling masama ang tingin ko. **"I will wait for you."** Inayos niya ang sarili at saka sumenyas na daraan na siya sa pinto. Tumabi naman ako. **"I will taste the rest of you by then."**

Shit!

Ni hindi ko magawang habulin siya ng tingin habang papalabas ng kwartong iyon. Hindi nagbabago ang pakiramdam ko. Para pa rin akong nakalutang sa ere, at kinukuryente! Para akong kinikiliti sa paraang nakakayanan at nagugustuhan ko, at noon ko lang iyon naramdaman!

Nanatili ako sa ganoong sitwasyon. Hindi ko na malaman kung ano ang laman ng isip ko. Basta lang ako tumayo ro'n nang walang ginagawa.

At halos mapatalon ako nang mangibabaw ang tatlong magkakasunod na katok sa pinto. Bubuksan ko na sana iyon nang sumilip sa salamin si Maxwell at sumenyas na pagbuksan siya.

"What are you doing there?" inosente niyang tanong.

"Nothing."

"Nasabi mo na kay Deib Lohr na aalis ka?" Tumuloy niya. **"Nakasalubong ko siya."**

Oo, at hindi ganito katindi ang inaasahan kong sagot niya. Tss. Kakaiba! **"Napag-usapan na namin."** Sinikap kong 'wag mautal.

"Pumayag?"

"Wala naman siyang choice," maging ako ay nalungkot sa isinagot ko. Pero hindi nagtagal ang lungkot na 'yon dahil sa pakiramdam ko. Napapikit ako sa inis nang maisip kong tila nararamdaman ko pa ang daliri ni Deib Lohr doon!

"Alam ba niya?" mayamaya ay tanong niya.

Matagal bago ako nakasagot, nag-isip muna. **"Ang parusa?"** mapaklang tugon ko. **"Hindi."** Umiling ko pa.

Napabuntong-hininga siya. **"He deserves to know."**

"So you want me to tell him?" inis na tanong ko.

"I didn't say that." Mas masungit pa rin talaga siya sa 'kin. **"Are you ready?"**

"Saan?"

Matagal na tumitig si Maxwell sa akin. **"You know what I'm talking about, Maxpein."**

Nag-iwas ako ng tingin. Nang hindi ko magawang sumagot ay bumalik ako sa kama at naupo. Tinanaw ko ang mga puno sa labas ng bintana. Nang maalala ko ang paglilitis ay nawala ang pakiramdam na idinulot ni Sensui sa sistema ko kanina lang. Lahat iyon ay nabura nang matinding takot.

"Kung iyon ang batas, kung iyon ang desisyon ng hukom, ano ang karapatan kong tumanggi, Maxwell? Nang ipanganak ako ay ito na ang nakatadhanang mangyari sa akin."

"Hindi mo pa nakakausap nang ayos ang hukom."

"Magbabago ba ang batas kung kakausapin ko sila nang ayos, Maxwell?" Nilingon ko siya.

Kunot-noo siyang tumitig sa akin at nanlulumong lumapit. Hinila niya ang silya at naupo sa harapan ko. Hinawakan niya ang magkabilang kamay ko saka tumitig sa akin nang deretso.

"You have to try, Pein. Talk to them. Let's talk to them."

"Tss. Madadamay ka lang kung sasali ka." Hindi ko naitago ang lungkot sa tinig ko. Nagbaba ako ng tingin. **"Tss."** Napahalakhak ako sa hindi maipaliwanag na dahilan. **"Nakakatawa lang na sa kabila ng nangyayaring 'to, si Deib Lohr ang naiisip ko. Lintik na kupido."** Ibinulong ko ang huling linya.

"And he has no idea that--"

"I'm going to die?" pinangunahan ko siya.

"Pein..." Tumayo siya para yakapin ako.

Nangilid ang mga luha ko. **"Hindi ko kayang sabihin sa kaniya, Maxwell. Ayaw kong malaman niya dahil alam kong masasaktan siya."** Noon ko lang naramdaman kung gaano ako kahina. Kung gaano katindi ang takot na nararamdaman ko at pilit na itinatago. **"I don't want to hurt him. I cannot let him experience the same agony, Maxwell. It's like I'm committed to protect his heart with the same passion I use to guard mine."**

Sandali kaming natahimik ni Maxwell. Nararamdaman ko ang titig niya sa akin pero ang mga mata ko ay napako na sa mga puno. Sa sandaling iyon ay naalala ko ang lola ko. Gaya ko ay nakapatay siya habang pinoprotektahan ang mga taong mahal niya. Sa huli ay ang batas ang nangibabaw.

Kakaiba ang batas ng organisasyon. Hindi maiintindihan kailanman ng mga hindi naman myembro. Pero para sa amin ay malaking aral ang mga batas. Lahat ay natuto. At karamihan sa lumabag ay nakapatay nang may magandang dahilan. Ngunit ang kapalit niyon ay hindi katanggap-tanggap.

Kaya ganoon nalang ang disiplina ko sa sarili, dahil alam ko na buong pamilya ko ang maghihirap kapag nakagawa ako nang hindi tama.

Hindi madali ang prosesong pinagdaanan ko sa nakaraan. Araw-araw akong isinasalang sa impyerno para matuto. Matutong lumaban sa tamang paraan. Napakahirap!

Sa bawat araw na dumaraan, sa murang edad at batang katawan, para akong pinagkaitan ng swerte. Ni hindi ko magawang maniwala sa salitang swerte. Hindi ko maunawaan noon kung bakit kailangang dumaan ako sa prosesong hindi pinagdaraan ng lahat ng tao. Madalas kong kuwestiyonin kung bakit kailangang ipanganak ako sa pamilyang kinabibilangan ko. Parati kong pinagsisisihang ipinanganak ako. At sa t'wing magigising ako ay parati kong hinihiling na sana ay ibang tao na lang ako. Na sana ay ibang uri ng buhay na lang ang mayroon ako. Na sana ay hindi ko kamag-anak ang mga Moon, na hinayaang dumaan ako sa mala-impyernong proseso para lang maging karapat-dapat mabuhay.

Pero ang lahat nang iyon, ang lahat ng salitang naisip at nasabi ko sa kabataan, ay nabura nang matapos ko ang proseso. Nang ako ang kilalaning pinakamataas na rango.

Chairman...

Hindi ko naiwasang alalahanin ang nakaraan. Ang lahat ng alaala na meron ako kasama siya. Simula sa pagtutuo niya sa aking bumasa at sumulat, hanggang sa pagalitan niya ako dahil hindi ko matutunang basahin ang oras sa relo. Mula nang matuto akong gumuhit kahit anong pangit. Hanggang sa huling sandaling magkasama kami. Lahat ng salitang binitiwan niya sa akin ay nag-iwan ng magandang aral. Na totoo ngang para sa akin at hindi para sa kahit na sino.

Nagbaba ako ng tingin sa mga daliri ko at doon nagsimulang maging emosyonal. **"Sa tingin mo, kung nabubuhay si Chairman Moon, magagawa niya ang nagawa ni daddy?"**

Nagulat si Maxwell sa tanong ko at hindi agad nakapagsalita. Naramdaman ko ang titig niya sa akin ngunit hindi ko siya nilingon. Nagpatuloy ako sa pag-iisip at pagbalik sa nakaraan.

"Pakiramdam ko ay binigyan ako ng karapatan ni Chairman Moon na gawin ang lahat ng makakaya ko, kung kinakailangan," pag-amin ko, idiniin ang huling salitang sinabi.

Hindi ko magawang tumingin nang deretso kay Maxwell. Nagbaba ulit ako ng tingin sa mga kamay ko. Gusto kong ibahagi sa kaniya ang ipinaramdam sa 'kin ni Chairman Moon.

Totoong naramdaman ko nang sandaling iyon na hahayaan niya akong gawin ang anumang dapat kung kinakailangan. Sa madaling salita, hahayaan niya akong pumatay kung iyon ang tamang mangyari sa kalaban. Nakita ko sa kaniyang mga mata ang awtoridad, nagbibigay nang kasiguraduhang hindi ako mag-iisa. Naramdaman ko sa puso ko na nasa likod ko lang siya, at hindi niya ako pababayaan kung may magawa man akong hindi tama.

"Are you serious?" nagugulat niyang tanong.

Nagtama ang paningin namin saka ako tumango. **"Hindi ko 'yon pinansin nang sandaling sabihin niya sa 'kin. Pero ngayon pakiramdam ko ay 'eto na 'yon."** Napabuntong-hininga ako saka muling tumingin sa labas. **"Pakiramdam ko ay doon ako kumuha ng lakas ng loob para gawin ang anumang nagawa ko. Dahil alam kong may Chairman Moon na hindi ako hahayaang mag-isa."**

Sandali kaming natahimik. **"Sabihin mo sa hukom ito, Pein,"** hindi naitago ni Maxwell ang kakaibang tuwa nang magsalita. Hindi man siya nakangiti ay makikitang nabuhayan siya.

Napangiti ako at napatitig sa kaniya. Saka ako napaisip na gano'n na pala katindi ang desperasyon niya para sa sarili kong buhay. Na kahit ang pinakamaliit, at walang kasiguraduhang basbas ni Chairman Moon ay kinakikitaan niya ng pag-asa.

"'Wag na," mapakla ang ngiti ko. **"Ayaw kong isipin nilang nagdadahilan lang ako."**

"They know you, Pein," nagpapaunawa at nangungumbinsing aniya. **"Alam nilang hindi ka basta-basta magsisinungaling o magdadahilan."**

"Oo nga, pero sa sandaling ito," nagbaba ulit ako ng tingin. **"Posibleng hindi nila paniwalaan 'yon at isiping nagdadahilan lang ako. Wala na si Chairman Moon, sino ang magpapatotoo sa sinasabi ko? Tss. Sino ba naman ang ayaw mabuhay, Maxwell?"** Hindi ko naitago ang pait sa boses ko.

"Pein, don't say that."

"Ang basbas ng Chairman ay magiging makabuluhan lang kung bukod sa akin ay may nakarinig sa inyo nang sabihin niya 'yon sa 'kin. Kaso ay wala, Maxwell." Bumagsak ang mga balikat niya, nawalan ng pag-asa. Matamlay akong tumawa. **"Pero masaya ako sa pakiramdam na 'yon, Maxwell. Dahil alam kong suportado niya ako, mali man o tama ang gawin ko. Astig ang lolo ko, walang kapareho."**

Alam kong gano'n ang lahat sa akin. Pero sadyang kakaiba kapag si Chairman Moon ang pinag-uusapan.

Hindi ko naiwasang maging emosyonal habang inaaalala ang mga nakaraan kasama ang Chairman. Hinayaan naman ako ni Maxwell. Hindi siya gumawa ng maski anong ingay.

"Gising na nga pala si Lovemir," mayamaya ay aniya, binasag ang katahimikan. **"Hindi lang yata siyam ang buhay niya. Tsh."**

Awtomatiko akong napalingon sa kaniya. Bumuntong-hininga siya saka nag-iwas ng tingin. Nakikita ko ang galit sa mga mata ni Maxwell, at nasisiguro kong pinipigilan niya rin ang galit na 'yon.

"Do you want to see him?" tanong niya nang hindi ako makapagsalita.

Kung ano-ano ang pumasok sa isip ko. Nando'n ang galit, inis, awa, tanong, halo-halo! Sa isang iglap ay nanumbalik sa 'kin ang lahat ng nangyari, at muling ipinaramdam sa 'kin ang sakit.

"I can take you to his room if you want," patuloy ni Maxwell.

Umiling ako. **"Mayamaya na."**

"Why?"

"Masakit ang puson ko," nag-iwas ako ng tingin. **"At saka nahihilo ako,"** totoo ang mga iyon.

Saka ako kunot-noong napapikit, nakagat ko ang sariling labi saka muling naramdaman ang hiya. 'Ayun na naman ang idinulot ni Sensui sa 'kin, binabaliw ako.

Naging matunog ang pagbuntong-hininga ni Maxwell. **"Are you alright?"** nag-aalalang tanong niya. Huli na para pigilan ko siyang tumayo. Nakalapit na siya sa 'kin. **"If you're in pain then you should rest instead of walking around."** Inutusan niya akong mahiga. Sumunod naman ako. **"Hindi pa maayos ang lagay ng katawan mo, don't forget that."**

"No," umiling ako, hindi ko magawang tingnan siya sa mata. **"Iba 'to. Magpapahinga na lang muna siguro ako."**

"Period pain?"

Napamaang ako sa kaniya saka nakangangang tumango. **"Oo,"** pagsisinungaling ko.

Lalo siyang nag-alala. **"Take a rest. Hindi makabubuti sa 'yo 'yan. Hindi pa maayos ang lagay mo."**

"I know. I'll talk to you later."

Hindi ako pinatulog ng iniinda kong sakit sa buong katawan, pero lamang ang idinulot na 'yon ni Sensui. Nanatili akong gising at nag-iisip kung ano ang mangyayari sa akin.

DEIB LOHR'S POV

"MAIHAHATID KO pala si Taguro sa airport, kung ganoon, mommy?"

Kinabukasan ay hindi ko naitago ang matinding tuwa. Nang sabihin ni mommy na makakalabas na ako ng ospital. Si Taguro agad ang naisip ko, syempre.

Nakangiti naman siyang tumango.

Ang sabi ni mommy ay pinayagan ako ng doktor na umuwi at doon na sa bahay ipagpatuloy ang pagpapahinga. Hindi ko na ulit kinulit pa si Taguro kagabi. Sumubok akong puntahan siya pero ang sabi ni Heurt ay may mga kinakausap si Taguro na importanteng tao. Hindi na ako nakialam pa.

Isa pa ay hindi ko rin alam kung paano siyang haharapin ulit matapos no'ng nangyari sa pagitan namin. Nahihiya ako. Pero hindi ko maitatangging lamang iyong tuwa at saya na naramdaman ko. Dalawang oras lang yata ang itinulog ko dahil paulit-ulit kong inalala ang namagitan sa 'ming dalawa.

"Handa na ang mga Moon kaya kumilos ka na, Deib Lohr," sabi ni daddy. Hindi ko malaman kung masaya ba siya o malungkot.

Hindi ko inaasahang ganito kaaga ang alis ni Taguro. Pero sa puso ko ay kontento na akong maihahatid ko siya. Kaysa tulad ng dati na bigla na lang siyang nawawala. Mabigat sa pakiramdam iyong hindi man lang siya magpaalam sa akin.

Tinulungan ako ni Tob na kumilos, maligo at mag-ayos ng sarili. Sina Lee at Randall naman ay naging abala sa pag-aasikaso ng mga gamit ko. Sina mommy at daddy inasikaso ang mga may kinalaman sa ospital.

"Legal bang magpakasal sa ganitong edad ko, Tob?" tanong ko habang inaayos ni Tob ang buhok ko.

Natigilan siya at nakangusong tumingin sa akin. **"Nasa tamang edad ka naman na,"** nautal siya at matagal bago nakasagot. **"Bakit mo**

naitanong?"

"I want to marry her."

Gulat siyang napalayo sa akin. **"Are you crazy?"**

Ngumisi ako. **"Kabaliwan ba ang pagpapakasal? Tch! Hindi ba pwedeng gusto ko lang na magkatuluyan kami nang maaga? Doon din naman kami hahantong, Tob."**

"Yeah, but...don't rush things. It can wait, dre."

"The marriage can wait, my proposal can't."

"Ano?"

"Ako ang hindi makapaghintay, Tobi. Gusto ko nang mag-propose kay Taguro."

"Pinagpaplanuhan 'yan, dre. Hindi 'yan assignment na gagawin mo na lang kung kailan mo maisipan."

"I understand that." Bumuntong-hininga ako at inayos ang buhok ko. **"Pero iyon talaga ang gusto ko. Pakiramdam ko ay kailangan ko 'yong gawin. I already told my parents about it."**

"Ha? Ano ang sabi nila?"

"Nagulat, syempre. Hindi pa namin napag-uusapan nang ayos. Alam ko namang papayag din sila." Ngumisi ulit ako.

Natawa siya. **"Baliw ka na ngang talaga. Anyway, you have my full support, dre. If there's anything I can do to help, let me know and don't hesitate to ask me."**

Dinunggol ko ang balikat niya sa tuwa. Tatawa-tawa siyang tumitig sa akin saka umiling. Alam kong hindi siya makapaniwala, nagugulat pa rin sa sinabi ko. Pero kilala ako ni Tob. Alam niyang ginagawa ko ang mga gusto ko, meron man o walang plano.

Nang matapos ay lumabas na kami ng kwarto. Nagulat kaming pareho ni Tob sa dami ng bilang ng taong nakaparada sa hallway. Mga nakasuot ng simpleng suit at mga naka-shades. Sa unang tingin palang ay nasisiguro ko nang tauhan sila ng mga Moon.

Napakadisiplinado ng mga tauhan nila. Nananatili sa maayos na tindig at hindi basta-basta gumagawa ng kilos. K3ung gumalaw man sila ay sabay-sabay pa rin. Kadalasan ay kapag naroon na ang presensya ng kahit na sinong myembro ng mga Moon.

"Where's Maxpein?" tanong ko nang makita ko si Yaz na papalapit sa pwesto namin, kasama ang kapatid at si Randall.

"Sinundo na ni Maxwell, eh. Papalabas na siguro," sagot ni Yaz, na noon ay wala sa akin ang paningin at na kay Keziah.

Eksakto namang bumukas ang pinto sa ICU at iniluwa si Maxwell. Pinagmukha lalo siyang misteryoso ng suot na pormal na black suit and tie, maging ng itim na shades. Pormal na pormal at umaalingasaw ang makapangyarihang antas sa buhay. Nagsipagtunguhan agad ang mga tauhan.

Nakita ko kung paanong sumama ang mukha ni Yaz nang lumapit si Keziah para tulungan si Maxwell sa pag-aayos ng coat. Talaga kasing huminto ang dalawa sa gitna at napanood ng lahat kung paanong nagmukhang malambing sa isa't isa. Bagay na madalang makita kay Maxwell sa isang babae. Bukod kasi kay Taguro ay hindi ko pa siya nakitang umakto nang ganoon sa ibang babae. Sa pagkakaalam ko ay hindi niya hinahayaang kumilos nang ganoon ang sinumang babae sa kaniya.

"Thanks for taking care of me," kaswal na sabi ni Maxwell.

Kaswal din ang ngiti ni Keziah. **"My pleasure. Have a safe flight."**

Tinutukan siya ng tingin ni Maxwell habang inaayos ang tie. Hindi na siya nagsalita pa pero hindi niya rin agad inalis ang tingin kay Keziah. Inosente kong nilingon si Yaz na noon ay nakanguso lang habang nakatingin sa kanila. Hindi lumilingon si Maxwell sa gawi namin, pero imposibleng hindi niya mapansin na nandoon kami.

"Tsh. Kailan pa sila naging close?" dinig kong bulong ni Randall. Tatawa-tawa siya habang umiiling. Nakita ko naman ang pagsimangot at pagpapaikot ng mga mata ni Yaz.

Ilang saglit pa ay lumabas sa pinto si Taguro. Nangunot ang noo ko dahil sa unang tingin ay mahirap siyang kilalanin, hindi ko agad siya nakilala. Nakasuot siya ng mahabang coat na purong itim. Maging ang shades niya ay itim din. Nakakapanibago ang hitsura niya, pormal na pormal. At hindi ko maintindihan kung ano ang mayroon sa itim at mukhang paborito iyong kulay ng pamilya nila.

Nakakapagtaka lang dahil sa ospital pa sila nag-ayos nang ganoon. Pwede namang sa bahay na. Mabuti na lang at mukhang okupado namin ang buong floor, walang maaabala dahil sa *en grande* nilang pag-alis.

Nakapamulsang nilingon ni Maxwell ang kapatid. Saka sila nagharap at sabay na nag-alis ng salamin, at tumingin sa isa't isa. Kung ano-anong bulungan ang ginawa nila. Na para bang sa mahabang espasyong iyon ay sila lang ang humihinga.

Napatitig ako sa mukha ni Taguro. At agad na nangunot ang noo ko nang makita ko kung gaano siya kalungkot. Bagaman kasi seryoso ang mukha at salubong ang mga kilay niya, hindi niya maitatago ang lungkot sa kaniyang mga mata.

"Babe..." Nagsalita ako na siyang ikinatinag ng dalawa.

Agad na lumingon si Taguro sa gawi ko, si Maxwell naman ay nag-iwas ng tingin. Ngumuso ako nang makita ko ang mabilis na pagbabago sa reaksyon ni Taguro. 'Ayun na naman iyong maangas niyang dating, iyong siya lang ang nakagagawa. Naninindak ang ganoong tingin kung ibang tao ang kaharap niya. Pero dahil may gusto siya sa akin ay masarap sa pakiramdam ang paraan niya nang ganoong tingin. Masarap sa pakiramdam iyong nasa akin ang paningin ni Taguro. Tutok na tutok at talagang hindi niya inaalis nang ganoon kabilis. May makita man akong maangas, hindi sila katulad ng angas niya. Na kay Taguro lang iyong angas na hinahangaan at kinababaliwan ko.

"Nakatingin na sa 'yo, dre," bulong ni Tob.

Nilingon ko siya ngunit hindi ko naman malaman kung ano ang sasabihin. Muli kong tiningnan si Taguro na noon ay deretso pa ring nakatingin sa akin. Napalunok ako habang ang mga mata namin ay nasa isa't isa.

"Putsa, dre, tinititigan ka," muling bulong ni Tob.

Nilingon ko ulit siya at saka muling tumingin kay Taguro. Tama nga si Tob, tinititigan ako ni Taguro. Hindi ko tuloy maintindihan kung bakit ba pakiramdam ko ay tinutunaw ang puso ko.

Napangiti ako sa hindi maipaliwanag na tuwa.

"Nakakadiri ka, dre. Ang tagal niyo nang magkarelasyon, mas kinikilig ka pa rin? Gumawa ka ng paraan para siya naman ang kiligin. Give chance to others, dre." Malademonyo ang paraan nang pagbulong ni Tob, nakakarindi!

"Tch! Manahimik ka nga, Tobi!" asik ko saka tumingin ulit kay Taguro. **"Hi, babe!"**

"Ano ang ginagawa mo dito?" Inaasahan ko na ang tanong na iyon ni Taguro. Sinuyod niya ng tingin ang kabuuan ko. Naglakad siya papalapit sa akin habang isinasabit sa dibdib ang shades. Nang mahinto sa harapan ko ay namulsa siya at tumayo. Umalingasaw ang kayabangan niya sa katawan.

"Ihahatid kita sa airport," masayang sagot ko.

Tumaas ang kilay niya habang nakaawang ang labi, nagmamayabang. **"Napag-usapan na natin kahapon 'to, 'di ba?"**

"Tch. Hindi naman kita pipigilan, 'wag kang feeling." Lumapit ako sa mukha niya para masabi iyon nang mahina. **"At isa pa, sweetness ang tawag sa gano'n, Taguro."**

Nakangiwi siyang tumango. **"Meron kaming sariling eroplano."**

Napamaang ako sa tindi ng kaniyang yabang. **"Ano naman ang koneksyon no'n sa paghahatid ko sa 'yo? Tch. Ang inihahatid lang ba ay iyong mga walang sariling eroplano?"**

"Hindi kami dumaraan sa dinaraanan ng mga taong walang sariling eroplano, iyon ang punto ko. Tss."

"Bakit? Meron din ba kayong sariling airport? Hindi ba ako pwedeng makiraan doon sa dinaraanan ninyo? Tch."

"Pwede naman."

"'Ayun naman pala, eh, ano ang problema? Tch." Pinagkrus ko ang mga braso ko at nagbaba ng tingin sa kaniya. Wala siyang nagawa kundi ang magtaas ng tingin sa akin dahil sa maganda kong height.

Hindi na siya nagsalita. Nagulat na lang ako nang ialok niya ang kamay sa akin. Magsusungit na sana ako pero hindi ko napigilang mapangiti nang maalala ko ang nangyari sa 'min kahapon.

"Nasa'n si Naih?" mayamaya ay tanong ni Taguro. Nilingon niya ang paligid bago sinulyapan si Yaz. **"Hindi niya ba 'ko ihahatid?"**

"Naku, nag-iinarte. Baka raw hindi ka na bumalik kapag inihatid ka niya. Nasanay na raw siyang bumabalik ka nang kusa," pilit ang ngiting sagot ni Yaz.

"Ikaw na lang ang sumama. Paniguradong hahanapin ka ni Maxrill. Hindi na dadaan si Maxrill dito, mauuna na sila sa airport. Doon ka magpaalam sa kaniya."

"Hindi na," mapakla na ang ngiti ni Yaz. Sinulyapan niya ang gawi nina Maxwell at Keziah bagaman hindi niya deretsong tiningnan ang mga ito. Halatang selos ang iminamaktol niya. **"Pakisabi na lang, enjoy,"** may diin ang huling salita. Para bang gusto niya rin iyong iparating kay Maxwell.

"Ikaw ang bahala," ngumiti si Taguro saka lumapit para yumakap sa kaniya. **"Mauuna na kami."**

Nagpaalam si Taguro sa bawat isang naro'n, sa mga kaibigan at pamilya ko. Hindi siya nakalimot magpasalamat sa mga ito.

Hindi ko naman maintindihan ang kakaibang mood ni Maxwell. Maikli ang paalam niya. Tinanguan lang ang mga magulang ko at si lolo, saka nangunang umalis. Maging sa sasakyan ay nakahiwalay siya sa amin ni Taguro, doon siya sumakay sa nauunang sasakyan.

Habang nasa byahe ay napansin ko ang pananahimik ni Taguro. Nakatingin lang siya sa labas ng bintana at mukhang malalim ang iniisip.

Tiningnan ko ang kamay naming magkahawak saka ko iyon marahang pinisil. Lumingon siya agad sa 'kin. Mataman ko naman siyang tinitigan. Sinikap kong basahin ang reaksyon sa mukha niya.

"Kinakabahan ka?" tanong ko.

"Hindi," pilit at matipid ang ngiti niya. **"Hindi na rin naman bago sa 'kin 'to."**

"Mukhang malalim ang iniisip mo."

"Ganito talaga ako sa t'wing aalis. Ngayon mo lang nakita."

Hindi na ako nangulit pa. Hinayaan ko siyang manahimik at mag-isip nang malalim. Nagtitiwala naman akong hindi ako mawawala sa anumang isipin niya.

Sa kabila nang nakabibinging katahimikan ay naging mabilis ang byahe. Nanghinayang ako nang makarating na kami sa airport. Sa isip ko, sana pala ay kinulit ko na lang at dinaldal si Taguro.

Parang wala na ako sa sarili. Basta na lang ako sumusunod kay Taguro. Pinanood ko rin ang ilan sa mga tauhan na ibaba ang iilan lang namang gamit nila. Nakita ko rin ang iba pang myembro ng Moon. Ni hindi ko narinig ang sarili ko habang nakikipagpaalaman sa kanila. Para akong nakalutang sa hindi maipaliwanag na dahilan. Hindi ko tuloy maintindihan kung dapat bang hindi ko na lang inihatid si Taguro. Kakaiba pala talaga ang pakiramdam.

"Woi?"

"Ha?" lutang talaga ako.

"Ang sabi ko ay hanggang dito ka na lang," ani Taguro. May lungkot ang nababasa sa kaniyang mga mata, mahihimigan din 'yon sa boses niya.

Nilingon ko ang paligid. Nasa private terminal kami ng airport. Mangilan-ngilan lang ang tao, sila pa ang inaasikaso. Ang mga kasama ni Taguro ay isa-isa nang naglalakad papalabas ng boarding area.

"Mauuna na kami," malambing na ang tinig niya. **"Sabay na kayong bumalik ni Heurt. Ihahatid kayo ng tauhan namin."**

Tumitig ako sa mga mata niya. **"I love you, babe."**

"I love you, too."

"Baby babe."

"Oh?"

"My baby babe."

"Tss."

"My one and only baby babe." Ngumisi ako kahit may halong lungkot. **"Kailan ang eksaktong petsa at oras ng balik mo?"**

Napabuntong-hininga siya. **"Sa Linggo, alas dos ng hapon."**

"Akala ko ba isang linggo lang? Dapat Sabado ang balik mo. Kung hindi ay isang linggo at isang araw na 'yon, Taguro. Tch."

"Kaya nga sinasabi ko sa 'yong Linggo ang balik ko. Patapusin mo naman ang isang buong linggo." Natawa siya. **"Sige na."**

"Tch."

Humakbang siya papalapit at yumakap sa 'kin. Napapikit ako. Pakiramdam ko ay noon ko lang siya naramdamang yumakap siya nang mahigpit. Ginantihan ko iyon saka ko siya ginawaran ng halik sa pisngi.

"Sige na," nakangiting sabi ko. **"Sulitin mo na ang pagiging dalaga."**

Nangunot ang noo niya. **"Tss."** Tinapik-tapik niya ang balikat ko.

Napailing ako pero imbes na mainis ay natawa na lang ako sa asal niya. Pinanood ko siyang lumapit sa ina at mayabang na nakipagpaalaman. Gaya ko ay hindi maitago ni Heurt ang lungkot sa mga mata niya. Hindi niya na rin napigilan ang sariling yumakap sa anak.

Lumapit pa sa 'kin si Taguro at humalik sa labi. Ang magkahawak naming kamay ay dahan-dahang naghiwalay bago siya tuluyang tumalikod.

Sabay namin siyang tinanaw ni Heurt ang paglayo ni Taguro. Maging ang pagsakay niya at pag-alis ng eroplano ay tahimik naming pinanood. At walang kasinlungkot ang sandaling 'yon.

"Tita mommy..." Tinawag ko siya nang hindi nililingon. Maging siya ay naramdaman kong hindi inaalis sa anak ang paningin. **"Hindi mangyayari kay Taguro iyong parusang sinabi mo, 'di ba? Babalik siya sa 'kin sa loob ng isang linggo gaya nang ipinangako niya, 'di ba?"** Ipinaramdam ko sa kaniya kung gaano akong umaasa.

Naging matunog ang buntong-hininga niya. **"Magtiwala ka sa kaniya. Dahil hindi pagkatao ni Maxpein, kahinaan ang hindi pagtupad sa pangakong binitiwan niya."**

Napangiti ako.

Tch. Magtiwala ka kay Taguro, Deib Lohr. Mabilis lang ang isang linggo. At hihintayin niyo 'yong pareho hanggang sa magkita uli kayo.

"Gusto mong kumain?" tanong ni Heurt nang nasa byahe na kami.

Nilingon ko ang daan, malapit na kami sa bahay. Kung hindi niya pa ako kinausap ay baka nakarating kami nang hindi ko namamalayan. **"Sa bahay na lang tayo kumain, tita mommy. Paniguradong nagluto si mommy."**

Nakangiti siyang umiling. **"Hindi na siguro. Kailangan ko ring umuwi sa mansyon. May mga aasikasuhin pa ako."**

"Kailangan mo ng tulong, tita mommy?"

"Hindi na, Deib Lohr. Kailangan mong palakasin ang katawan mo. Magpahinga ka."

"Nakarami na rin naman na po ako ng pahinga. Ayos na 'yon."

"Hindi pa sapat iyon sabi ng doktor mo. Kailangan mo pa ng pahinga."

"Tch. Si Taguro nga po ang kailangan ng pahinga. Nabugbog lang naman ako, mas matindi 'yong inabot niya."

"Huwag matigas ang ulo mo."

Nawala ang ngiti ko dahil masyado siyang seryoso. **"Opo."**

Nanatili nang tahimik si Heurt hanggang sa maihatid ako sa bahay. Hindi ko inaasahang bababa pa siya para lang maihatid ako sa loob, sa pamilya ko. Sandali rin siyang nagpaalam bago tuluyang umalis.

Pakiramdam ko ay kulang na kulang na ang araw na iyon. Hindi ko na maibalik iyong saya at sigla na naramdaman ko nang ibalita sa 'kin ni mommy na pwede na akong umuwi. Nawala na 'yong excitement.

Hindi na rin ako kinailangang piliting magpahinga nina mommy. Dahil matapos kong piliting kumain ay kusa na akong nagpaalam na aakyat na sa kwarto. Ang maghapong iyon ay inubos ko sa pag-iisip kay Taguro, ni hindi ko na namamalayan ang kilos at galaw ko.

Ngunit hindi ko inaasahang magagawa ko ang kinakailangang pahinga na sinasabi nila. Dahil nang sumunod na dalawang araw ay wala akong ganang bumangon. Nanatili lang ako sa kama, halos doon na ako tumira. Dinadalhan na lang ako ng pagkain nina mommy at Manang para lang magkalaman ang tiyan ko.

Pakiramdam ko ay wala akong ganang kumilos, bagaman hindi naman ako nagmumukmok sa lungkot. Pakiramdam ko lang ay wala akong lakas. Para bang noon lang bumabawi ang katawan ko. Kahit na ang totoo ay

nanlulumo lang ako dahil sa bagal ng oras. Gusto ko nang matapos ang buong linggo at makita ulit si Taguro.

"Hoy! Bumangon ka naman diyan!" Isang araw ay nagulantang ako sa boses at biglaang pagpasok ni Tob.

Kasunod niya ay si Lee. **"Loko ka, Tob, baka makasama kay Deib Lohr ang magulat."**

"Sorry," napapahiyang ani Tob saka patalon na naupo sa kama ko. **"Ano? Ganiyan ka na lang?"**

"Tch. Nanghihina ako, masyadong malayo si Taguro."

"Psh! Imbes na magmaktol ka diyan, bakit hindi natin simulan ang plano mo?"

"Anong plano?"

"'Naaay! Nilamon na ng pagiging emo 'to, eh!" pang-aasar ni Tob.

"Hindi ba't plano mong mag-propose kay Maxpein?" ani Lee. **"Hanggang plano na lang ba 'yon?"**

Napabangon ako. **"Hindi, syempre!"**

"Bakit hindi natin simulan ang pagkilos ngayon?" makahulugan ang ngiti ng mga kaibigan ko.

Nabuhayan ako, agad-agad. Matatalino talaga ang kaibigan ko. Alam nila ang gusto at kailangan ko. Alam kong narito sila hindi lang dahil sa plano ko. Paniguradong alam nilang malungkot ako at nagkukulong na naman sa kwarto dahil wala si Taguro.

Nang sandali ring iyon ay kumilos ako para maligo. Bumalik ang sigla ko. Nakaramdam ako nang matinding excitement kahti wala pa naman kaming nasisimulan.

Ang buong araw na iyon ay iginugol naming tatlo sa pagpaplano ng proposal ko kay Taguro. Gumamit kami ng internet, magazines at nanood ng kung ano-anong palabas para lang magkaroon ng ideya kahit papaano.

Nang sumunod namang araw ay ipinarating na namin sa pamilya ko ang plano. Hindi naging madali dahil paulit-ulit silang nagulat. May ilang sandali pang hindi sila naging sang-ayon sa plano ko pero sa huli ay hinayaan nila ako sa gusto ko. At laking pasalamat ko dahil naro'n pa rin ang suporta nila.

Nang sumunod pang araw ay ipinarating na namin ang plano sa mga malalapit na kaibigan namin ni Taguro. Mula kay Parrot hanggang sa mga kaibigan niyang bakla sa The Barb.

"Seryoso?" Hindi maipaliwanag ang gulat sa mukha ni Parrot nang tanungin iyon. Inalis niya kay Lee ang paningin at gulat na tumitig sa akin. **"Magpo-propose ka kay Maxpein?"** Walang kasinlakas ang boses niya.

Natatawa akong tumango. Hindi pa rin mawala ang gulat sa mukha ni Parrot. Nilingon ko si Lee, iiling-iling siyang nag-iwas ng tingin sa girlfriend. Halos lahat naman ay nagulat nang sabihin ko ang plano, mapakaibigan o pamilya ko ay nabigla. Pero iba ang gulat ni Parrot, OA talaga.

"As in pumayag na ang parents mo? Anong sabi ng family mo?" nagugulat pa ring tanong niya.

Natawa ulit ako. **"Oo, pumayag sila. Alam naman nilang si Taguro lang ang gusto kong panoorin na lumapit sa akin habang naglalakad sa altar."**

"Oh, my God... Seryoso ka talaga?"

"Tch. Mukha ba akong nagbibiro?"

"Eh, paano 'yan!"

"Bakit?"

"Ano ang isusuot ko!" Namomroblemang bulalas ni Parrot.

Ngumuso ako. **"Isuot mo kung anong gusto mo, tch. Basta naka-*traje de boda* ang girlfriend ko."** Saka ako ngumisi at in-imagine kung anong magiging hitsura ni Taguro. **"Tch. Besides, magpo-propose palang naman ako. Ang kasal ay siya na ang magdedesisyon."**

"'Sabagay, hindi ka pa naman sigurado kung matutuloy. Psh."

"Ano!" Sinamaan ko siya ng tingin. **"Lumayas ka nga dito, Parrot!"**

"Joke lang!" Nag-peace sign siya. Sinaway rin siya ni Lee. **"Saan mo planong mag-propose?"**

Sumandal ako at inakbay sa sofa ang pareho kong braso. **"Sa Batangas. Inarkila namin ang buong resort malapit sa Taal Volcano."**

"Wow! Tapos kapag ni-reject ka ni Taguro, sabay kayong sasabog ng Taal Volcano!"

"Anak ng..." Tumayo ako at akmang susunggaban siya pero tumakbo siya papalayo. **"Tch! Ano ba ang nagustuhan mo ro'n sa babaeng 'yon, Lee? Masama ang ugali!"**

Tumawa si Lee. **"Basta nagustuhan ko na lang, eh."** Nilingon niya ang nobya bago muling tumingin sa akin at tumawa. **"Ano na ang plano? Ready na ba ang parachute mo?"**

"Ayoko na nga ng parachute dahil baka tumalon si Taguro," nakangusong sabi ko.

Lalo siyang tumawa. **"Talagang sineryoso mo 'yong biro ko, Deib? You're stupid!"**

"Tch! Hindi mo kasi alam 'yong pakiramdam, Lee." Nakasimangot akong sumandal. **"Nakakakaba!"** Saka ako ngumisi. **"Pero masaya. Hehe."**

"I can't believe it, dre. Ikaw itong isip-bata sa atin pero ikaw pa ang unang nakapag-isip lumagay sa tahimik. But I am proud of you."

"Dahil kay Taguro." Nginisihan ko siya. **"Siya ang gusto ko at kailangang siya ang makasama ko habambuhay."**

Ilang araw pa akong naghintay. Hindi iyon naging madali. Halos hindi ako makatulog. Nang dumating naman ang araw na pinakahihintay ko, ang ikapitong araw, hindi ko inaasahang hindi talaga ako makakatulog. Dumaan ang magdamag nang gising ako.

"Bakit hindi ka naman natulog, anak?" Halatang gusto akong pagalitan ni mommy pero pinipigilan niya ang sarili. "Baka makasama sa iyo 'yan, eh."

"Mom, alam mo namang excited ako. Babawi na lang ako mamaya pagkarating sa hotel."

"Are you sure your things are all prepared?" Pinasadahan niya ng tingin ang mga nakaempake kong gamit.

Alam kong pagod si mommy. Siya kasi mismo ang nag-asikaso sa lahat ng kakailanganin ko. Magmula sa malupit na venue, sa mga gamit, damit na isusuot ko at ng mga bisita, hanggang sa hotel accommodation at reception area. Talagang isinama ko sa plano ang mga iyon.

Hindi basta-bastang proposal ang gusto ko. Sinabi ko sa sarili kong deserving si Taguro sa ganito kagandang plano. Karapat-dapat siyang makatanggap nang ganito kagarbong proposal.

"I'm ready, mom. Everything is perfect, thanks to you."

"Anything for you, baby." Lumapit siya at yumakap sa akin.

"I love you, mom. Thank you so much."

"I love you, too, Deib Lohr."

Napangiti ako nang tawagin niya ako sa pangalan. "Let's go?"

Magkaakbay kaming bumaba ni mommy. Si daddy naman ay sinalubong kami para kunin ang mga gamit. Magkatulong nilang

isinakay sa sasakyan ang mga iyon. Hindi naman na ako hinayaang kumilos pa ni mommy, pinauna niya na ako sa sasakyan.

Habang hinihintay sila ay parang sinisilaban ang pwet ko sa excitement. Kung ano-anong pumapasok sa isip ko na posibleng mangyari. Bukas pa ang dating ni Taguro, bukas pa ng gabi ang big event, pero hindi na mapakali ang puso at isip ko.

Sa Pavilion Mall naghintayan ang lahat bago kami sabay-sabay na bumiyahe papunta ng Batangas. Kani-kaniyang sasakyan man ay hindi nagkulang ang saya. Promotor si Randall na walang ginawa kundi patagalin ang byahe. Bawat flower shop na madaanan niya ay bumibili siya ng bulaklak. Magagamit ko raw lahat 'yon bukas.

Sa sandaling iyon, pakiramdam ko ay ako na ang pinakamaswerteng tao sa buong mundo, hindi ko pa man natatanggap ang sagot ni Taguro. Ang bawat myembro ng pamilya ko, maliban kay Chairman Enrile, ay may kontribusyon sa plano. Ang bawat kaibigan namin ni Taguro ay todo ang pagsisikap na gawing perpekto ang lahat.

"'Eto ang kwarto mo?" hindi makapaniwalang tanong ni Tob nang makarating kami sa hotel. "Parang deretso honeymoon kayo, ah!" dagdag biro niya.

Natawa ako. "Loko."

Pumasok kaming tatlo sa kwarto na ookupahin ko. Gumala sina Lee at Tob para tingnan ang buong kwarto. Habang ako naman ay dumeretso sa terrace. Hindi ko naiwasang mapangiti at humanga sa ganda ng tanawin. Mula sa kinatatayuan ko ay kitang-kita ko ang kabuuan ng crater ng Taal Volcano.

Sa lugar na iyon gaganapin at mangyayari ang proposal ko kay Taguro.

Ilang beses na akong nagpabalik-balik doon habang nagpaplano. Pero paulit-ulit pa rin akong namamangha at humahanga sa ganda ng lugar.

"6:25 PM ang expected time ng sunset bukas, dre," ani Tob. "Wooh! Ang ganda talaga dito!" Mahihimigan ang paghanga sa tinig niya.

Inakbayan ko silang dalawa ni Lee. "Salamat talaga sa inyo."

"Pasalamatan mo rin ang sarili mo," ani Lee. "Dahil sa kabadingan mo ay gumanda nang ganito ang proposal mo."

"Tch." Natawa kaming pare-pareho. "Kinakabahan ako bukas. Baka hindi pumayag si Taguro."

"Simulan mo nang magpanata, dre," biro ni Tob.

"Natural naman ang kabahan, Deib," ani Lee. "Pero iyan nga ang masarap, eh. Iyong kinakabahan ka sa isasagot niya, kahit alam mo namang papayag siya. Dahil alam mo na mahal ninyo ang isa't isa."

"Wooh! Putsa, all in one talaga 'tong best friend natin, dre," biro ni Tob habang minamasahe ang mga balikat ni Lee. **"Gentleman, best man, Superman, businessman! You're the man, Lee Roi Gozon!"** Saka kami sabay-sabay na nagtawanan.

Iyon na yata talaga ang pinaka-exciting na sandali sa buhay ko. Bukas naman, kapag nagkataon, ang pinakamasayang araw ng buhay ko.

"Kung pumayag si Maxpein, plano mo na ba siyang itira sa bahay ninyo, Deib?" inosenteng tanong ni Michiko habang nagdi-dinner kami.

Natawa ako. "Hindi." Nakangiti akong bumuntong-hininga. "Pumayag ang parents ko dito sa plano ko pero napag-usapan naming doon pa rin kami titira sa kani-kaniyang bahay namin."

"Pero sa kasal ninyo magkasama kayo sa bahay?" dagdag ni Michiko.

"Ay, 'teh, sa church ginaganap ang kasal at hindi sa bahay," ani BJ na tinapik ang kamay ni Michiko. **"Inform lang kita."**

"Nakakaloka. Kung sa bahay gaganapin ang kasal, baka malito pa ang Michiko kung kaninong bahay pupunta!" biro naman ni Migz.

"Hoy, mga bakla! Tigilan ninyo ang girlfriend ko, ah!" ani Tob na inakbayan agad ang nobya. "Pwede ko kayong kasuhan dyan sa ginagawa ninyo," biro niya.

"Nakakatakot, ah? Eh, baka kasal na't lahat ang Maxpein at Deib Lohr, hindi ka pa nakakahawak ng kaso? Sa hitsurang iyan ni Deib Lohr, maghihintay ng ilang taon? I don't think so," ani BJ dahilan para magtawanan na naman kami.

Ang gabing iyon ay pinuno ng tawanan ng mga kaibigan namin ni Taguro. Nanakit ang tiyan nina mommy, Manang at *Noona* sa katatawa. Nang gabi ring iyon ay nanatili kaming magkakaibigan sa kwarto ko para manood ng movie. Habang ang iba pa naming mga bisita ay maagang nagsipagpuntahan sa kani-kanilang kwarto para makapagpahinga na.

KINABUKASAN ay naranasan ko ang pinakamahabang umaga sa buong buhay ko. Maaga akong nagising, at gising na gising ako. Pero halos hilahin ko ang oras sa paghihintay. Hindi halos ako nakakain nang ayos, paikot-ikot ako sa kwarto at natatawa naman akong pinapanood ng pamilya at mga kaibigan ko.

Paulit-ulit ko ring tinitingnan ang maliit na kahitang nasa bulsa ko. Wala na akong planong ilayo pa iyon sa kamay ko, kahit pa mamaya ay magpapalit pa ako ng damit.

"Maupo ka nga!" singhal sa 'kin ni *Noona* nang mahilo siya sa kapanonood sa 'kin.

"Tumawag na ba sila?" aligagang tanong ko.

"Hindi pa nga."

"Bakit hindi sila tumatawag?"

"Baka wala pa sina Maxpein, calm down, *dongsaeng*, please!"

"Alas kwatro na, *Noona*." Hindi mawala ang ngiti sa mukha ko. "Gusto kong malaman kung nakalapag na kaya ang eroplano ni Taguro, kaso hindi ko alam kung paano."

"Sina Zarnaih na ang bahala ro'n, okay? Now, sit down!" Itinuro niya ang sofa.

Pero hindi ako nakinig. Sa halip ay huminto ako at tumayo sa harap nina Tob at Lee. "Okay na ba ang mga fireworks, dre?" Sabay silang tumango at nag-thumbs-up sa akin. "Sigurado kayo?"

"Kumalma ka, dre. Lahat ay nasa ayos na. Naka-ilang dry run na tayo, eh. Baka naman maubos ang paputok mo?" ngumisi si Tob.

Sina Heurt, Yaz, Parrot, Randall, Jep at Barb, ang susundo kay Taguro at sa pamilya nito sa airport. Nasa kanila na iyon kung anong dahilan nila para mapapayag ang mga iyon na dumeretso dito.

Sa plano ay tatawagan ako ni Randall kapag nandoon na sila sa landmark namin. Iyon ang hudyat na pupunta na kaming lahat na naiwan dito sa crater ng Taal Volcano.

Ang daan papunta sa crater ay dinesenyuhan nina Randall at *Noona* ng man-made pathway. Hindi ko alam kung ilang tao ang binayaran at ginambala ni Randall para bentahan siya ng sako-sakong buhangin mula mismo sa dagat. Ang buhangin na iyon ang ginawa nilang pathway, tanging kandila ang magsisilbing gabay ng sinumang daraan. Kung gaano kahaba ang pathway, gano'n din karaming kandila ang magsasayaw. At sa dulo ng pathway, sa mismong pinakamababang

parte ng crater, ay nandoon ang man-made gazebo. Na pinalilibutan at pagliliwanagin din ng maliliit at malalaking kandila. Doon ako mismo magpo-propose kay Taguro.

"Tch. Paano kaya 'yong mga bulaklak ni Randall?" kakamot-kamot sa ulong tanong ko. "Tsk! Bakit ba hindi sila tumatawag? Ang usapan ay tatawagan ako agad."

"Everything is okay na, Deib Lohr, come on," hindi malaman ni *Noona* kung matatawa ba o maiinis sa akin. "Hanggang sa proposal mo ay grabe ang effort ng asawa ko sa 'yo, ah?"

"Tch! Minsan nga naiisip ko nang pati ako ay type ng asawa mo," singhal ko saka pa lang ako naupo. **"Grabe, kinakabahan ako!"**

Ngunit agad akong napatayo nang magbukas ang pinto. Dagli rin akong natigilan nang makita ko si Heurt. Hindi ko inaasahang siya ang mauunang darating.

"Tita mommy..." Hindi ko maintindihan kung bakit parang lalo akong kinabahan.

Tumingin siya sa akin saka nagpakawala nang malalim na buntong-hininga. Hindi ko maipaliwanag kung ano ang tawag sa reaksyong meron sa mukha niya.

"Heurt..." Lumapit si daddy sa kaniya. "Is there a problem?" pabulong niyang tanong.

"Dumeretso ako dito kasi nakatanggap ako ng tawag." Matagal bago nagawang magsalita ni Heurt, hindi ko pa naintindihan kung ano ang pinagsasasabi niya.

"Nasa'n si Maxpein, tita mommy?" pilit ang ngiting tanong ko. "Naka-ready na ang lahat, siya na lang ang hinihintay ko."

Napatitig siya sa 'kin. Bakas ang lungkot at panlulumo sa mga mata at buong mukha niya. Pilit ko iyong hindi pinansin. Hindi ko kayang tumanggap ng anumang negatibong salita ngayon.

"Deib Lohr..." Hindi malaman ni Heurt kung lalapit ba sa akin o mananatili sa kinatatayuan. Hindi niya rin ako magawang tingnan.

Napalingon ako sa pinto nang isa-isang magsipagpasukan ang mga kaibigan namin na siyang mga naka-assign sa pagsundo sa airport.

Pinilit kong ngumiti ulit. "Where is she? Where's Maxpein?" Mas pinilit kong itago ang kaba at inis na umuubos sa pakiramdam ko. "Paparating na ba siya? Nandiyan na ba siya?"

"Sa ospital ako nanggaling, at may..." Napapalunok na nilingon ni Heurt ang mommy't daddy ko. "May good news sana ako."

"Ano 'yon?" agad na lumapit si daddy sa kaniya.

Ngunit muli akong nilingon ni Heurt. Hindi ko maintindihan kung bakit gano'n na lang ang pangingilid ng luha at mababasang lungkot sa mga mata niya. Nangunot ang noo ko habang nilalabanan ang titig niya.

Anong good news ang magbibigay sa 'yo ng ganiyang reaksyon?

"What is it?" kaswal na tanong ko.

Nakita kong tumulo ang luha ni Heurt na siyang nakapagpakalabog sa dibdib ko. "Meron ka nang heart donor, Deib Lohr."

Nakita ko nang matutop ni mommy sa gulat ang sariling bibig. Hindi ko magawang magulat gaya nang ganoong reaksyon niya.

Napatitig ako sa kaniya. Hindi ko maintindihan ang pakiramdam. "Nasa'n si Maxpein?" walang emosyong tanong ko.

Nagbaba ng tingin si Heurt at saka umiling nang umiling. "Hindi darating si Maxpein, Deib Lohr... I'm sorry."

Ang mga salitang iyon na sinabi ni Heurt ay nagpaulit-ulit sa tainga ko at isa-isang tumusok sa puso ko.

~ To be Continued . . . ~

OceanofPDF.com

CHAPTER 228 : THE TRUTH 3

CHAPTER 228 : THE TRUTH 3
NAIH'S POV

"MAXPEIN is not coming back anymore, Deib Lohr." Hindi magawang tingnan ni Heurt nang deretso si Sensui. Maging siya ay nasasaktan para dito. Makikita ang kagustuhan niyang magpaliwanag sa paraang hindi masasaktan si Sensui. Pero mukhang walang ganoong paraan.

"What do you mean, Heurt?" Hindi maintindihan ang tono ni Tito Lohrton. Para siyang nagpipigil ng galit. **"She's not coming back anymore? What do you mean by that? Tell us what's going on, please."**

Tumitig si Heurt kay tito at kunot-noong lumuha. Hindi niya magawang sagutin ang tanong ni tito, basta na lang siya lumuha nang lumuha. At napakahirap niyong panoorin na lang basta.

Naiintindihan kong nahihirapan si Heurt sa sandaling iyon. Alam kong may mga bagay siyang hindi pwedeng sabihin, lalo na at nandoon ang mga kaibigan namin. Nasa pagkatao na nila ang pagiging malihim. Pero ang ugali nilang iyon ay may malalim na dahilan para panindigan nila habang-buhay. Nakuha at tanggap ko na ang ganoong ugali ni Maxpein, kaya hindi na ako nahihirapang intindihin ang ganitong sitwasyon ngayon ni Heurt.

"Was it because of the punishment?" gumaralgal ang tonong tanong ni Sensui. Ang pagkibot ng mga labi niya ay hudyat nang matinding pagluha. Pero gano'n siya kahusay sa pagpipigil niyon, at iyon mismo ang masakit makita.

Hindi ko na mapangalanan pa ang hitsura ni Sensui. Nasasaktan siya at nagagalit nang sabay. Pero wala siyang ginagawa para ilabas ang mga iyon, at iyon ang dumaragdag sa bigat na idinudulot niya sa dibdib ng nakakakita.

Awtomatiko akong napatingin kay Sensui. Napanood ko kung paanong bumagsak ang mga balikat niya at napabuntong-hininga. Ang mga mata niya ang nagpakita ng tunay na ibig sabihin ng salitang malungkot.

Natulala siya kay Heurt pero hindi na ito deretsong tinitingnan sa mga mata. Para bang iniisip niya pa at iniintindi ang katotohanang sinabi ni

Heurt. Na para bang pinagdedesisyunan niya pa kung paniniwalaan niya iyon o hindi. Na para bang kinukuwestyon niya ang sarili kung tulog ba siya o gising.

Ang lahat ng naro'n ay natahimik, walang nagawang kilos ang sinuman. Lahat ay nakatingin kay Deib Lohr at pinapanood siyang masaktan. Ni isa sa amin ay hindi malaman kung ano ang gagawin, o sasabihin.

You will never truly know how damaged a person is until you watch Deib Lohr Enrile break down. He obviously wanted to cry but there's no tears coming down. And maybe he's more broken than what we can see and think.

"I'm so sorry, Deib Lohr," gumaralgal ang tinig ni Heurt.

"God..." bulong ni ate. Naiyak siya bigla at tumalikod para wala nang makakita. Nasisiguro kong nasasaktan siya para kay Sensui, dahil maging ako ay gano'n ang nararamdaman.

Mabilis na nangilid ang mga luha ni Sensui ngunit makikita kung gaano niya iyong pinipigilan. Malungkot ang mukha niya pero naro'n ang pagtatanong at galit. Daan-daang emosyon ang mababasa sa kaniya, hindi ko makita kung alin ang nangingibabaw.

At naiintindihan ko siya. Dahil sa sitwasyong iyon, napakahirap talagang maging matino.

Nakakabaliw ang katahimikan. Maski anong ingay kasi ay walang maririnig. Halos magkarinigan na kami ng paghinga dahil sa sobrang payapa ng buong lugar.

Nanatiling tahimik si Sensui. Inaasahan kong magtatanong siya. Inaasahan kong hahanapin niya si Maxpein. Inaasahan kong tatanungin niya kung bakit hindi ito makararating. Inaasahan kong magwawala siya dahil hindi ito tumupad sa usapan nila. Pero hindi iyon nangyari. Hindi nagsalita si Sensui.

"Sa lalong madaling panahon ay kailangang pumunta ni Deib Lohr sa America." Si Heurt ang bumasag sa nakabibinging katahimikan, nagmamadali. Sinabi niya iyon sa parents ni Sensui. **"Marami pa siyang evaluation na pagdaraanan ayon sa mga doktor. Nakausap ko na sila. Maghahanda sila sa pagdating ni Deib Lohr oras na malaman niya ang tungkol dito."**

Lumapit si Tita Lacey kay Heurt at yumakap nang mahigpit. **"Thank you so much, Heurt. I owe you everything."**

"Maxpein asked for this," halos ibulong ni Heurt iyon. **"It's the least I can do for her."**

Lalong niyakap ni Tita Lacey si Heurt dahil sa isinagot nito. Hindi na napigilan ni tita ang pag-iyak, humagulgol siya. Si Heurt naman ay inaalo siya habang lumuluha.

Tumayo si Sensui at deretsong tinitigan ang dalawang ina. Mabagal ang pagkurap ng mga mata niya at hindi na talaga maipaliwanag ang lungkot. Posible palang bumuhos nang ganoon katindi ang lungkot.

Nagkani-kaniya kami ng puwesto para maitago ang nararamdaman. Lahat ay pinangiliran na ng luha.

Kung tutuusin ay wala pa kaming nalalaman nang lubusan. Wala pa kaming naririnig. Hindi pa namin alam kung ano ang tunay na nangyayari.

Pero ang pare-pareho naming reaksyon ay hudyat na iisa kaming lahat ng iniisip.

"My God, what is happening?" bulong ko. Hindi ko naramdamang tumutulo na pala ang luha ko.

Si Max ba ang donor niya?

Kinilabutan ako sa sarili kong naisip. Hindi ko magawang itanong ang laman ng isip ko. Ayaw kong dumagdag sa masakit na sitwasyong nangyayari sa harap naming lahat. Isa pa, pakiramdam ko ay wala akong karapatang manguna sa pagtatanong.

"I'm going out. Alone," halos pumiyok si Sensui nang magsalita. Tumikhim siya at nagbaba ng tingin. Naiiyak ako sa hitsura ni Sensui. Parang gustong-gusto niya nang umiyak.

"Where are you going, son?" habol ni Tito Lohrton. Halata sa tinig niyang wala siyang planong pigilan ang anak. Gusto niya lang malaman kung saan ito pupunta.

"I'll be back. I just want to be alone for a minute," tiningnan nang deretso ni Sensui ang ama. Saka inalis ang kamay nito sa braso niya.

Pinanood namin si Sensui na lumabas ng kwartong iyon. Sumubok sina Lee, Tob at Randall na sundan ang kaibigan pero pinigilan silang lahat ni Dean Enrile.

Matapos ang ilang saglit, nang masiguro naming malayo na sa kwartong iyon si Sensui ay saka kami nagsipag-iyakan. Humagulgol sa pag-iyak ang halos lahat. Napakasakit ng sandaling iyon, maging ang mga lalaki ay hindi napigilang maging emosyonal.

"What is going on?" umiiyak na tanong ni Dein.

Tiningnan siya ni Heurt pero matapos magpahid ng luha ay tinalikuran siya nito. Tahimik na umiyak si Heurt, paulit-ulit ang pagpapahid. Noon ko lang siya nakitang ganoon. Kahit gusto niya yatang itago ang kahinaan at pagiging emosyonal niya ay hindi niya magawa. Nag-uunahan ang mga luha niya sa pagtulo.

"I have to follow my son," emosyonal na sabi ni Tito Lohrton. Pinahiran niya ang mga mata saka nagmamadaling lumabas ng kwartong iyon.

Humabol si Tita Lacey pero nang makarating sa pinto ay humihikbi niyang tinanaw ang asawa. Itinuon niya ang lakas sa hamba ng pintuan, sa hitsura niya ay mukhang tutumba siya anumang oras.

Nagpatuloy ang lahat sa pag-iyak. Walang makapaglakas-loob na magtanong kung ano ba talaga ang nangyayari. Ang mga kaibigan kong inosente sa nangyayari, ay nakiiyak din na para bang alam na alam nila ang lahat. Marahil ay nasasaktan sila para kay Sensui, bagaman wala silang ideya kung ano ang nangyari kay Max.

Pero ang sandaling iyon ay agad na nabasag nang makarinig kami ng sunod-sunod na pagkatok. **"Mr. Enrile is on his way to the venue. Sinimulan na namin ang preparasyon ng mga kandila sa pathway,"** nakangiting sabi ng tauhang kinuha ni Sensui para tumulong sa plano. Nagkatinginan ang lahat at nag-unahan sa pagtakbo palabas sa terrace.

Hindi ko na lalo maipaliwanag pa ang pakiramdam. Naghahabol ako ng hininga, humihikbi at wala sa sariling lumuluha habang tinatanaw si Sensui. Tanaw na tanaw ko siyang patakbong naglalakad papunta sa crater!

Nag-unahan muli ang lahat palabas ng kwartong iyon, palabas ng hotel, papunta sa bibig ng bulkan. Nagtakbuhan kami hanggang sa makarating kami sa mismong venue. Pero lahat din kami ay natigilan nang pigilan kaming lumapit ni Tito Lohrton sa anak niya. Yumakap si Tita Lacey sa asawa at doon humagulgol nang humagulgol.

Luhaan naming pinanood si Sensui na sindihan ang mga kandilang sunod-sunod na idinesenyo sa pathway. Mahigit dalawandaang kandila iyon na nakahilera mula sa bungad ng pathway hanggang sa dulo kung saan naroon ang entrada ng gazebo.

Sa plano ay may mga taong nakatakdang sindihan ang mga kandilang iyon habang naglalakad si Max sa pathway. Isa-isang magliliwanag ang kandila habang papalapit siya sa gazebo kung saan naghihintay si Deib Lohr.

Ang gazebo na iyon ay walang katulad. Gusto kong maiyak sa inggit dahil napaka-sweet ni Deib Lohr para maisip ang gano'ng set up. Ipinasadya niya iyon para magmukhang nakalutang sa tubig, sa mismong bibig ng bulkan. Perpekto ang pagkakagawa dahil harapan nilang mapapanood ang paglubog ng araw.

Ang magkahalong dilim at nagsisimulang liwanag ay nakadagdag pa sa bigat ng pakiramdam. Lalo kaming pinagiging emosyonal ng sitwasyon.

Nang sa wakas ay makarating si Sensui sa gazebo ay sinindihan niya ring isa-isa ang mahigit isandaang malalaking kandila na naro'n. Nakapalibot ang mga iyon sa gazebo at iyon ang tanging magbibigay ng liwanag sa buong lugar. Kaming mga kaibigan nila ang nakaplanong magsindi ng bawat kandila sa gazebo. Iyon lang kasi ang liwanag na gagamitin sa buong eksena, bukod sa fireworks. Pero ang lahat ng iyon ay mag-isang ginagawa ngayon ni Deib Lohr.

Matagal at mabagal ang sandaling iyon pero hindi nakakabagot panoorin. Para kaming mga martir na ninanamnam at sinasaksihan ang sakit. Sakit na palalim nang palalim.

Isa-isa kaming nagsipaglapitan sa gazebo nang panoorin namin si Sensui na tanggalin ang tela na nakatabing sa swing. Ang hammock swing basket na iyon ay gawa sa rattan at ipinasadya ni Dein Leigh para sa dalawang tao. Sa plano ay nakatakdang maupo ang dalawa ro'n, saka nila sabay na panonoorin ang sunset. Habang nagpaplano ay halos maihi sa excitement si Sensui, alam niya kasing magugustuhan iyon ni Maxpein. Ang panoorin ang sunset habang pinaliligiran sila ng magandang kalikasan ay isang pangarap para kay Maxpein. Pangarap na hindi niya naiisip gawin nang mag-isa. Alam ni Sensui kung gaano kamahal ni Max ang panonood ng mga bagay na natural at araw-araw nangyayari sa mundo.

Lalo akong naiyak nang makita ko ang mga flower petals na ibinuhos sa hammock swing na iyon. Paniguradong isa iyon sa pakulo ni Randall. Siya lang naman ang nagpumilit hintuan ang bawat flower shop at stall na nadaanan papunta dito.

Nakikini-kinita ko nang ihihiga ni Sensui si Max sa mga petals na iyon kapag nagkataon. Iduduyan-duyan niya ang swing na iyon habang yakap si Maxpein at ninanamnam nilang pareho ang masarap na pakiramdam.

Sa gitna ng gazebo ay naro'n ang hugis puso na daan-daang rose petals. Sa plano ay isasayaw ni Deib Lohr si Maxpein sa ibabaw ng petals. Sa plano ay kaming dalawa ni Randall ang nakatoka sa pagkanta.

Dancing in the dark, middle of the night. Taking your hand, holding it tight. Sa isip ko na lang nakanta ang linya ni Randall, na siya ring simula ng kanta. Napabuntong-hininga ako.

Matapos ang sayaw nila ay nakatakdang lumuhod si Deib Lohr para ihayag ang proposal. Habang nagpaplano ay na-imagine ko nang iiyak kaming lahat. Pero ang luhang inaasahan ko nang sandaling iyon ay dahil sa saya at tuwa.

Ngunit hindi na mangyayari ang alinman sa plinano namin. Dahil walang dumating na Maxpein. Walang darating na Maxpein. Wala nang darating na Maxpein.

Mag-isang pinanood ni Sensui nang oras na iyon ang takipsilim. Habang nakaupo sa swing. Habang magkahawak ang pareho niyang kamay. Habang nakapatong ang pareho niyang siko sa tuhod. Habang nagpipigil ng emosyon at sariling damdamin. Habang tinitiis ang sakit ng katotohanan.

Nang tuluyan nang lamunin ng dilim ang liwanag ay muling tumayo si Sensui at isa-isang tinanaw ang mga fireworks. Kinuha niya ang isa at siyang pinakamalapit sa kaniya. Sinindihan niya ang maliit na fountain na hawak saka inilagay sa entrada at nagsisilbing pinto ng gazebo. Nagtuluan ang mga luha ko habang pinapanood ko ang fountain. Pakiramdam ko ay ganoon na ganoon ang emosyon ni Sensui ngayon. Ang bawat maliliit na apoy na iniuulan niyon ay luha niya. Ang init ng apoy ang bugso ng damdamin niya. Halos hindi ko maaninag si Sensui nang lingunin ko, punong-puno ng luha ang mga mata ko. Malungkot niyang pinanood ang fountain hanggang sa sumuko iyon sa pagpapasikat.

"Deib," pagtawag ni Lee. Hindi niya magawang tumapak papasok sa gazebo. **"You need help?"** malungkot niyang tanong saka inilabas ang torch na inihanda niya.

Matagal na tumitig si Deib kay Lee saka tumango. Kitang-kita pa rin ang pagpipigil niya ng luha. Pulang-pula na ang mga mata niya, maging ang ilong at maputing pisngi niya ay namumula na. Panay ang paghugot niya nang malalim na hininga at pagkurap. Pinanood niya sina Lee, Tito Lohrton at Randall na isa-isang sindihan ang malalaking fountain na nakapalibot sa buong gazebo. Habang si Tob naman ay tumakbo sa kung saan. Pagbalik niya ay kasama niya na sina Migz at BJ. Hirap na hirap man ay nagawa nilang itakbo kay Sensui ang hindi mabilang na puting lobo!

Walang emosyon si Sensui habang kinukuha ang mga lobo. Pasensyoso niyang inipit sa parehong palad ang napakaraming tali niyon. Nang

mahawakan ang lahat ay tiningala niya ang mga iyon at sandaling tinitigan.

Namilog ang bibig ko habang patuloy sa pagpatak ang aking mga luha. Namangha ako nang pakawalan nang sabay-sabay ni Sensui ang mga lobo sa dumidilim nang langit. Dahil kasunod niyon ay ang nakabibinging putukan na nagbigay ng kakaibang ganda sa buong lugar!

Makikita ang kaniya-kaniyang paglutang ng mga lobo sa ere habang ang fireworks ay kani-kaniya rin ng palabas. Napakaganda!

Sinindihan na rin nina Tito Lohrton at Randall ang mga palm, pistill, serpentine at willow fireworks na siyang gumawa ng makapigil-hiningang palabas sa madilim na langit. Sa plano ay iyon na ang hudyat na tinanggap ni Maxpein ang proposal ni Deib Lohr.

Nakatingala at nakapamulsang pinanood ni Deib Lohr ang lahat sa langit. Nakakunot ang noo niya pero sa kaniyang mga mata mababasa ang sukdulang lungkot at sakit. Tinutukan niya ang mga fireworks. Hindi siya nagbababa ng tingin hangga't hindi nauubos ang mga iyon. Nang matapos ang mahigit kinse minutong palabas ay saka siya naglakad pabalik sa gazebo. Tumayo at tumitig siya sa hugis puso at daan-daang rose petals na nasa gitna niyon.

Parang dinurog ang puso ko nang dahan-dahang mapaluhod si Deib Lohr sa mismong rose petals at doon ay pasigaw na umiyak.

Nararamdaman ko sa puso ko ang iba't ibang uri ng sakit. Halos dambahin ko ang dibdib ko sa sobrang sakit! Hindi iyon mahinto hangga't nakatingin ako sa kaibigan kong nasasaktan. Ganoon pala ang pakiramdam.

Nag-iwas ng tingin ang karamihan, hindi siya magawang tingnan at panoorin na lang. Pero ako ay pinanood ko siya. Gusto kong sisihin si Maxpein pero hindi ko rin iyon magawa. Gusto kong magmahika sa sandaling iyon para matigil ang nararamdamang sakit ni Sensui, at ng lahat. Pero wala akong ganoong kakayahan.

Lalo akong naiyak nang marahang lumapit si Tito Lohrton sa anak. Lumuhod siya sa harapan ni Sensui at umiiyak na hinawakan ito sa balikat. Sandaling nanatili si Deib Lohr sa pagyuko at pagsuntok sa mga petals. Nang hindi niya na kinaya ay saka siya bumangon at yumakap sa ama.

My god... Natakpan ko ang sarili kong bibig. Pakiramdam ko ay sasabog ako sa pagluha. Bilang kaibigan ay nasasaktan ako para kay Deib Lohr.

Sa sandaling iyon ay gusto kong magalit kay Maxpein. Gusto ko siyang tanungin kung anong karapatan ang meron siya para manakit nang ganito katindi. Mahal niya si Deib Lohr, at hindi halos masukat ang pagmamahal

niyang iyon. Pero wala akong makitang dahilan para humantong ang lahat sa ganito.

Naiintindihan ko talagang may mga bagay na para lang sa kaniya at sa kanilang pamilya. May mga katotohanan na para lang sa kanila, hindi pwedeng malaman ng iba. Madali iyong intindihin. Pero nang mahalin niya si Deib Lohr ay binigyan niya na rin ito ng karapatang kilalanin siya. Kahit sinong matalinong tao ang malagay sa sitwasyong ito ay kailangan pa rin ng paliwanag.

Hindi ko alam kung gaano katagal kaming nanatili sa ganoong sitwasyon. Matagal pero parang napakabilis. Nang bahagyang kumalma sa paghagulgol si Deib Lohr ay halos buhatin si ng ama hanggang sa makatayo. Ilang saglit din bago humupa ang paghikbi ni Deib Lohr, ngunit hindi iyon nawala. Nang sumubok siyang humakbang ay muli siyang naluha. Pero nandoon ang kaniyang ama para umagapay. Para iparamdam na hindi siya nag-iisa. Hanga ako sa tatag ni Tito Lohrton, ni ayaw niyang ipakita ang pagiging emosyonal niya. Dahil sa sandaling iyon, anak niya ang mahina. At alam ng lahat nang naro'n na hindi lang basta-basta ang kahinaang nararamdaman ni Deib Lohr. Delikado ang sitwasyong iyon sa kalusugan niya, lalo na sa kaniyang puso. At batid naming isa iyon sa iniingatan ng pamilya niya.

Tahimik kaming nakabalik sa hotel. Naagaw namin ang atensyon ng mga taong nakasalubong at nakapansin sa amin. Lalo na ang mga empleyado ng hotel na alam kung ano ang aming plano. Ngunit masyado nang halata ang sitwasyon para maglakas-loob pa silang magtanong.

Nang makarating kami sa executive room na para sa lahat ay nagkagulatan pa ang ilan. Nandoon na kasi ang magkapatid ni Kimeniah at Keziah. Nandoon na rin ang pamilya ni Randall. Hindi nila nasaksihan ang pangyayari, marahil ay naging abala rin sila sa paghahanda. Ang bawat isa kasi sa amin ay may kani-kaniyang kontribusyon sa plano. Nagkataon na sila ang nakaatas sa reception sa resort na inarkila ng Enrile. Kami-kami lang kasi talaga ang imbitado. Close friends and family lang ang gusto ni Deib Lohr na makasaksi.

"What happened?" dinig kong bulong ni Keziah kay Dein Leigh. Agad niyang inalo ang kaibigan dahil hindi ito mahinto sa pag-iyak. **"Hindi siya sumipot? Ano ang nangyayari, Dein."** Parang problemado si Keziah. Nag-aalala siyang tumingin kay Sensui na noon ay pinaupo ng ama sa sofa.

Walang nagpaliwanag. Walang nagkwento. Pero ang mga gustong magtanong ay ganoon katatalino para makaramdam at mahulaan ang sitwasyon. Nabasa na nila ang kilos at reaksyon ng bawat isa kaya nanahimik na lang.

"Pwede bang bigyan natin ng sandaling katahimikan si Deib Lohr at ang kaniyang mga magulang?" Binasag ni Dean Enrile ang katahimikan. Lahat kasi ay naiwang nakatingin na lang kay Deib Lohr, mga nakatayo at pawang nakatitig.

Napapahiyang nagsipagtanguhan ang karamihan, kasali na ako ro'n. At saka isa-isang tahimik na lumabas.

"Parrot."

Halos mapatalon ako nang marinig ko ang pagtawag ni Sensui. **"Yes, Deib?"** nautal pa ako bago lumingon. **"A-Ano 'yon?"**

Huminga nang malalim si Sensui, nananatiling nakapako ang paningin sa kung saan, bago nag-angat ng tingin sa 'kin. At parang pinipiga ang puso ko nang makita ko siyang lumuha, nagmamakaawa.

"Thank you." Hindi ko inaasahan ang sinabi niya.

Naiwan akong nakamaang sa kaniya. Hindi ko kinayang magsalita agad dahil sa gulat. **"You're welcome,"** napapalunok kong sabi. Hindi ko alam kung ano pa ang dapat at pwede kong sabihin. Wala akong makapang salita sa isip ko. Naaawa ako masiyado sa kaniya.

Tumango ako sa lahat bago ako tuluyang lumabas ng kwartong iyon. Naiwan doon ang kapatid at magulang ni Sensui, kasama si Heurt. Para akong nakalutang habang naglalakad pabalik sa kwarto namin ni ate. Nasorpresa pa ako nang madatnan ko ro'n sina Randall, Lee at Tob.

"Ano ba ang nangyayari?" problemadong tanong ni Tob. Nakayuko siya sa parehong tuhod at panay ang paggulo sa buhok. **"Hindi ko maintindihan!"** Tumayo siya at pinagsusuntok ang pader. **"Ano ba kasi ang nangyari kay Maxpein? Bakit hindi siya sumipot?"**

"Tobi," saway ni Lee. **"No one knows what's going on, okay? Calm down."**

"Bakit hindi siya magsabi? Hindi ba niya pwedeng tawagan si Deib para magpaliwanag?"

"I don't know, okay? Wala tayong alam pare-pareho."

"Nakaka-bad trip!" naihilamos ni Tob ang parehong kamay sa mukha. **"Awang-awa ako kay Deib, dre, eh."** Hindi ako makapaniwalang nakita

ko ang pagtulo ng luha ni Tob. **"Awang-awa ako sa kaibigan natin, Lee. Sobra."**

Pinahiran ko rin ang mga mata kong nasanay na yatang lumuluha. Ni hindi ko na maramdaman ang pagtulo ng mga luha ko. Nagkukusa na iyon dahil sa napakarami at hindi mapigilang emosyon.

"Hindi mo ba siya nakausap?" bumaling sa 'kin si Lee. Bahagya siyang naupo sa kanto ng mesa at hinila ako papalapit. Pinahiran niya ang mga luha ko nang paulit-ulit. **"Hindi mo ba nakausap si Maxpein?"**

Humihikbi akong umiling nang umiling. **"Tungkol dito, hindi. Wala akong alam. Wala siyang sinabi. Sa ospital ay hindi ko rin siya halos nakausap, Lee."**

"Maging si Maxwell ay walang sinabi sa 'kin," sabat ni Randall. Nilingon namin siya. Daig niya pa ang may napakatinding problema. **"Nagpaalam siyang aalis. Hindi ko na tinanong kung kailan ang balik niya dahil alam ko namang babalik siya."**

Bigla kaming natigilan sa matunog na pag-iyak ni ate. Gusto ko siyang singhalan dahil talagang napakalakas ng pag-iyak niya, walang sinabi iyong hagulgol ng dalawang nanay kanina. Pero dahil nanginginig na siya at namumula ay lumapit na lang ako para aluin siya.

"Hoy, ate," naiiyak na pagtawag ko. **"May alam ka, 'no?"**

"Ang sabi ni Maxrill ay walang ginamot sa mga sugat ni Maxpein," humihikbing aniya, hirap na hirap.

"Ano?" sabay-sabay at gulat na tanong naming lahat.

"Hindi ko alam!" Hindi halos makapagsalita si ate dahil sa sobrang paghikbi. **"Basta ang sinabi niya ay walang ginamot kay Maxpein. Malungkot siya nang sabihin 'yon, as usual, parang bata."** Nagpunas siya ng mga luha. **"Feeling ko tuloy nakasama 'yon sa katawan ni Maxpein. Baka kung ano ang nangyari sa kaniya."**

"I was also wondering why she's in the ICU," ani Randall. **"Hindi man lang siya dinala sa Emergency Room, o kahit sa Operating Room. Malala ang sugat niya."**

"Ano ba namang klaseng pamilya ang mga 'yon?" Litong-lito si Tob. **"Bakit gano'n sila?"**

Hindi ko nagawang magsalita. Naiyak na lang ako sa uri ng pamumuhay na meron ang kaibigan ko. Hindi ko rin maintindihan kung bakit ganoon sila...kawirdo. Matatalino, mayayaman at may kakayahan, iyon silang lahat. Pero ang prinsipyo nila ang hindi ko maintindihan minsan. Kakaiba.

Ang gabing iyon ay lumipas nang malungkot. Hindi ako nakatulog nang ayos dahil sa sobrang pag-iisip. Pilit kong ginagawan ng dahilan ang mga nangyayari pero sadyang kakaunti lang ang nalalaman ko.

Kinabukasan ay gusto kong mahiya nang tanghaliin ako ng gising. Mabuti na lang at walang nagmamadali. Nagpahanda ang mga Enrile sa reception at doon humingi ng paumanhin sa nangyari. Palibhasa'y malalapit kay Deib Lohr ang lahat nang naro'n ay sinabi nila ang totoo.

Kasalukuyang nagsasalita si Tito Lohrton sa harapan nang pumasok si Sensui. Halos lahat ay nanibago sa hitsura niya, o maaaring hindi inaasahan na gwapo pa rin siya sa kabila nang nangyari.

Nakasuot siya ng itim na polo. Ang parehong sleeves ay nakatupi hanggang siko. Nakabukas ang kwelyo hanggang sa ikatlong butones dahilan para makita ang ginto niyang kwintas at bungad ng dibdib. Ang kalahati ng laylayan niyon ay naka-tuck sa jeans habang ang kalahati ay nakalaylay na lang basta. Suot niya ang matulis niyang black leather shoes. Kumikinang ang itim niyang bracelet at gintong relos.

Nakakapanibago. Marahil ay nasanay akong pormal ang suot niya. Pakiramdam ko tuloy ay noon ko lang siya nakitang nakasuot ng rugged. Na kamangha-mangha namang bumagay sa edad niya.

Dere-deretso siyang lumapit sa mesa namin pero hindi agad naupo. Nilingon niya ang lahat, na noon ay nakatingin sa kaniya. Napabuntong-hininga siya saka naupo sa gitna nina Lee at Tob.

"Deib Lohr," aligagang lumapit si Tita Lacey sa anak. **"What do you want to eat, anak?"**

"Ako na ang kukuha, mommy," kaswal niyang sagot saka muling tumayo at lumapit sa buffet.

Nagkatinginan kaming mga nakaupo saka siya sinundan ng tingin. Kung titingnan ay parang wala lang nangyari kay Sensui. Pero kung pakikiramdaman naman, lahat ay giginawin sa sobrang lamig ng pakikitungo niya. Iyon pa lang ang eksena niya, lalamigin ka na.

Nang makabalik siya ay basta na lang siya nagsimulang kumain. Hindi niya inaalis ang paningin sa plato niya. Maingat siya sa pagnguya, mabagal at ninanamnam ang pagkain. Gano'n din siya sa inumin, mapa-wine o tubig man.

Parang wala siyang kasama sa mesa. Kung kumilos siya ay para bang walang ibang tao ro'n bukod sa kaniya. Magana siyang kumain bagaman may lungkot sa mga mata.

Walang nakapaglakas-loob na kausapin siya. Bagaman ang lahat hindi magawang iiwas ang paningin sa kaniya. Siya ang sentro ng atensyon ng lahat. Bawat pagkilos namin ay apektado ng presensya niya. Imbes na siya ay kaming lahat pa ang hindi magawang kumain nang ayos sa sandaling iyon.

"Salad, dre," ani Tob. Inilapag niya ang plato sa harap ni Sensui.

Pero hindi nagsalita si Sensui. Basta na lang siya tumuhod sa halo-halong prutas na nasa harap niya at nagpatuloy sa pagkain.

Napapapikit ako sa sandaling iyon. Napakahirap nang gano'n. Nagkakatinginan kaming lahat, makahulugang tinginan. Walang makahinga nang maluwang. Lahat ay nahihirapan. Maraming mesa, lima ang okupado. Pero ang buong lugar ay umiikot sa silyang kinauupuan ni Sensui mismo.

"I'm done, thanks for the food." Tumayo si Deib Lohr at kinuha ang pinagkainan. Saka siya naglakad patungo sa mesa kung nasaan ang mga tagapagsilbi.

Nabibiglang tumayo sina Tita Lacey at Tito Lohrton at aligagang bumuntot sa anak. Dali-dali ring nagsipagkilusan sina Lee at Tob, sumabay naman kami ni ate papasunod sa kanila.

"Anak, anak," pagtawag ni Tita Lacey. Halos mapatalon pa siya nang biglang huminto si Sensui para harapin siya, seryosong-seryoso. Napamaang si tita pero walang salitang lumabas sa bibig niya. Hindi niya marahil malaman kung ano ang sasabihin sa anak.

"When are we going home?" tanong ni Sensui.

Nilingon ni tita ang asawa saka muling bumaling sa anak. **"When...do you want to go home, anak?"**

"Ngayon?" kaswal na sagot ni Sensui. **"Oo, umuwi na tayo. Wala na rin naman tayong gagawin dito."** Muli niyang tinalikuran ang ina saka nagpatuloy sa paglalakad.

Aligaga pa ring sumunod ang mag-asawa sa anak nila. Para rin kaming mga sira na nagsipagsunuran, hindi malaman kung ano ang tamang gawin. Sumunod kami nang sumunod hanggang sa makarating sa kwarto ni Sensui.

Laking gulat pa naming magkakaibigan nang makitang nakahanda na ang mga gamit ni Sensui. Ang buong kwarto ay nasa ayos na, kung anong hitsura no'ng datnan niya.

"Anak, iyong tungkol sa sinabi ni Tita Heurt mo--" Hindi na nagawang tapusin ni Tita Lacey ang sasabihin nang muli ay bigla siyang lingunin ni Sensui.

"Oo, mommy. Magpapaopera ako," kaswal na ani Sensui.

Hindi agad nakapag-react si Tita Lacey. Muli ay napamaang siya at napapailing na natulala sa anak. Kung tutuusin ay narinig niya na ang gustong sagot mula sa anak, pero naiintindihan ko ang pagkabigla niya. Masiyadong cold si Sensui ngayon, at naiintindihan ko rin naman iyon. Pero dahil sa nangyayari ay parang mali pa rin ang lahat.

"Are you okay, son?" nag-aalala man ay alanganing tanong ni Tito Lohrton.

"I'm okay, dad," ani Sensui na dumeretso sa center table at pinagpupulot ang ilang abubot niya. Lumapit siya sa sofa at isinilid ang mga iyon sa bag niya. Muli siyang lumapit sa side table at dinampot ang susi ng kotse niya. **"Let's go?"**

Nagulat ang lahat. **"Son,"** nauutal na ani Tito Lohrton. Ngunit hindi niya nagawang sundan ng salita ang pagtawag sa anak.

"Deib Lohr," lumapit si Tita Lacey sa anak at hinawakan ito sa magkabilang braso. **"I know you're not okay."**

"I'm okay, mom," iritable na agad si Sensui.

"Deib Lohr, anak. Please, talk to me, baby, please?"

"I am, mom." Halatang hinahabaan na lang ni Sensui ang pasensya.

"I know you're not okay--"

"'Ayun naman pala, mommy," sumuko agad si Sensui. Inis niyang hinarap ang ina. **"'Wag mo nang ipamukha sa 'king hindi ako okay."**

"Anak," pinangiliran agad ng luha si tita. **"'Wag naman tayong ganito, please?"**

"What do you want me to do, mom?" kunot-noong tugon ni Sensui, saka bumuntong-hininga. **"I want to rest. Let's go home."**

"Let's stay a little longer," pakiusap ni tita. **"May mga bisita ka pa."**

Bumuntong-hininga na naman si Sensui, naiinis na. **"What's the use of staying here, mom?"**

"Talk to us naman nang maayos, Deib Lohr," parang maiiyak na agad si tita. **"I know that you're not okay. Please."**

"Of course I'm not okay!" Deretsong tinitigan ni Sensui ang ina sa mata, ipinakikita ang galit niya. **"I am so broken than I can physically feel it inside me. My whole body is in pain. I can't breathe normally. I swear I can't even cry. All I want to do right now is stay in my bed and die."** Sinabi iyon ni Sensui nang sobrang diin, mararamdaman mo ang sakit na sinasabi niya.

"Deib Lohr, don't say that! Talk to us!" galit na lumuha si tita.

"Talk to you?" Nilingon ni Sensui ang lahat nang naro'n. **"And then what? Mawawala ba 'yong sakit?"** kunot-noo niyang tanong, nagdadamdam nang matindi. **"Wala namang magbabago, mommy. Masakit pa rin. Kahit ako ay hindi kayang ayusin ang sarili ko at ang sarili kong nararamdaman."**

"Son, please," umuunawa ang tinig ni Tito Lohrton.

Sinubukang lumapit ni tito pero agad na umatras si Sensui. **"This isn't the first time,"** nanunumbat ang tinig niya. **"This already happened to me before, and believe me, I'm used to it. I waited for her, and yet I know she's not coming."** Tinalikuran niya ang mga magulang at huminga nang sobrang lalim. Sa gano'ng paraan niya pinigilan ang maluha, at nagtagumpay siya. **"I'm leaving now, I'll see you at home."**

"We're coming with you," ani Lee, tinanguan si Tob. **"Sumabay ka na lang sa ate mo, I love you,"** bulong niya sa 'kin.

Magkatulong na kinuha nina Tob at Lee ang mga gamit ni Sensui saka sabay-sabay na lumabas ng kwarto ang tatlo. Nasundan na lang namin sila ng tingin. Nakakalungkot ang mga salitang binitiwan ni Sensui. Hindi ko malaman kung anong sakit pa ang mararamdaman ko. Pakiramdam ko kasi ay sobra-sobra na ang bigat sa dibdib ko para sa mga kaibigan ko.

DEIB'S POV

TAHIMIK akong nagmaneho. Pilit kong hindi inaalis sa daan ang paningin ko. Maging ang isip ko ay gusto kong tutok lang. Pero sadyang napakahirap gawin no'n. Gusto kong matawa sa sarili ko dahil sa tindi ng effort ko. Pero masyado akong nasasaktan, hindi ko kaya kahit ngumiti man lang.

"Hindi ko pinagsisisihan ang mga ginawa at inihanda ko. Effort? 'Sus. Wala 'yon," wala sa sariling sabi ko.

"Ha, 'dre?" tinig ni Tob.

Hindi siya ko siya pinansin. Nagpatuloy ako sa pagmamaneho. Pero nananadya ang panahon. Bumuhos ang malakas na ulan, sinabayan niyon ang bugso ng damdamin ko.

"Para sa kaniya 'yon kaya hindi ko pinanghihinayangan alinman ang nasayang ngayon. Gusto kong masorpresa siya, eh. Gusto kong matuwa siya. Gusto kong kiligin siya. Gusto kong umoo siya! Pero t*ngina, hindi siya dumating!" Naihinto ko ang sasakyan at pinagsusuntok ang manibela.

"Deib," dali-daling pinatay ni Lee ang makina at hinawakan ako sa balikat. **"Bumaba ka, ako ang magmamaneho."**

Hindi ko siya pinakinggan. Yumuko ako sa manibela at isinubsob ang mukha ko sa mga braso. **"I'm worth way more than this. I deserve better than this."**

"'Dre," tawag ni Tob. Wala siyang masabi.

"I'm not going to cry anymore." Dumeretso ako at umayos ng upo. **"I don't want to cry anymore."**

Iritable akong bumaba at lumigid sa sasakyan. Nakipagpalit ako kay Lee at hinayaan siyang magmaneho. Tumitig lang ako sa daan at pinanood ang ulan. Gaya nang sinabi ko ay hindi ako umiyak. Hinayaan ko lang na maramdaman ko ang sakit.

Hindi ko na alam kung alin ang pinakamasakit sa pang-iiwan na ginawa mo, Taguro. Lahat 'yon nasaktan ako.

Mabilis ngunit malalim ang paghinga ko. Gano'n yata talaga kapag pinipigilan ang emosyon. Mabigat sa dibdib. Masakit sa ulo. Hindi ako mapakali. May gustong gawin ang katawan ko, para mailabas ang galit ko. Pero nakakapanghina ang katotohanan, hindi ako makakilos.

"Salamat," sabi ko kina Lee at Tob nang makarating kami sa bahay. **"Alam kong gusto niyo rin akong kausapin pero gusto ko muna talagang mapag-isa."**

"Nag-aalala kami sa 'yo, 'dre," kunot-noong sabi ni Tob.

"Kung iyong sinabi ko kanina ang inaalala mo, tigilan mo na. Wala akong gagawin sa sarili ko, Tob. Matino ako," inis na sabi ko.

"We can stay here, Deib, no worries," ani Lee.

Umiling ako. **"'Wag na. Balikan niyo 'yong girlfriend niyo, baka walang maghatid sa mga 'yon. Paniguradong uuwi na rin 'yon sina mommy."**

Napabuntong-hininga siya. **"I'm really worried, Deib."**

"It hurts, but it's okay. I'm gonna be okay, just not today," malungkot na sabi ko.

Magsasalita pa sana si Lee pero tinalikuran ko na sila. Basta ko na lang iniwan ang mga gamit ko sa sala, dumeretso na ako sa kwarto at nahiga sa kama. Naglakbay ang isip ko pero pilit ko iyong inilalayo sa nangyari sa nagdaang buong linggo. Wala akong ibang inisip kundi ang sarili ko.

Magpapaopera ako. Magpapagaling ako. Dahil kung hindi mo tinupad ang sinabi mo, gagawin ko kung ano ang salitang binitiwan ko sa 'yo.

Pupuntahan kita, Taguro.

INASIKASO nina mommy't daddy ang operasyon ko. Mula sa preparasyon hanggang sa mga kailangang gawin ay inayos nila. Wala akong ginawa kundi ang magpahinga, ikundisyon ang katawan ko at sumunod sa mga sinasabi nila. Ilang araw matapos ang nangyari sa Batangas ay lumipad agad kami papuntang America.

Hindi ko na pinahirapan pa sa pag-aasikaso ang mga magulang ko. Nagulat pa nga sila dahil sumusunod lang ako kung ano ang sabihin nila. Walang pilitan at kumbinsihang nangyari. Dahil ang bagay na ito ay ginagawa ko na para sa sarili ko.

Isang araw kaming nanatili sa hotel, kinabukasan ay pumunta agad kami sa ospital. Napakarami kong pinagdaanang test at ininom na gamot bago nasimulan ang operasyon.

"Cardiac transplant is not considered to be a cure for his disease, Mrs. Enrile." Iyon ang mga huling salitang narinig ko mula sa doktor bago ako mawalan ng malay at makatulog. **"This is mainly a life-prolonging treatment for organ failure."**

Hindi ko makakalimutang hanggang sa pagtulog ko ay mukha ni Taguro ang nakikita ko. Pero nang sandaling iyon ay wala akong maramdamang sakit. Wala akong maramdamang lungkot. Lahat ay masaya.

Pero nang magising ako, alinman sa laman ng panaginip ko ay hindi ko na maalala.

Idiniretso ako sa recovery room pagkalabas ko ng operating room. At ilang oras pa ay dinala na ako sa ICU. Nanatili ako ro'n ng ilang araw, hindi ko nabilang. Hindi lahat ng nangyari ay nasusubaybayan ko. Madalas pa akong tulog kaysa gising. Magmulat man ako ay hindi ko magawang makapagsalita dahil sa tubong nasa bibig ko. Maging sa ilong ko ay may nakasalpak na kung ano.

Napakaraming nakakonekta sa 'kin. Hindi ko man iyon nakikita ay nararamdaman ko ang mga iyon sa buong katawan ko.

Nararamdaman ko rin madalas si mommy na hinahawakan ang kamay ko. Minsan ay umiiyak siya at madalas ay nagkukwento. Lahat ay naririnig ko, dilat o pikit man ang mga mata ko.

Wala akong alam kung gaano katagal na akong nakahiga at naro'n sa ospital na 'yon. Madalang magbago ang posisyon ng katawan ko, iilang kilos lang ang nagagawa ko. Hindi ako kumakain, hindi ko na matandaan kung kailan ako huling kumain at uminom. Ilang mukha na ng nurse at

doktor ang nakita ko, karamihan ay natatandaan ko naman. Masasabi ko lang na matagal na akong gano'n dahil sa mabilis na pamamanhid ng buong likuran ko dahil sa paghiga.

May isa't kalahating buwan na akong nananatili sa ospital nang malaman ko. Dumating sina Lolo Dei Min, Noona, Randall, RD at Manang para bumisita sa 'kin. Nang sumunod na linggo ay dumating din sina Lee at Tob, nanatili sila ro'n ng tatlong araw para bantayan ako.

Laking pasasalamat ko nang isa sa mga araw na 'yon ay dumating ang doktor para alisin ang tubo sa bibig ko. Naramdaman kong bumalik na sa dati ang maayos kong paghinga. Gustuhin ko man kasing magreklamo sa nagdaang araw, hindi ko nagawa dahil malaking tulong ang makina at tubong iyon sa paghinga ko. Pero matapos niyon ay binibisita ako ng nurse kada dalawang oras para paubuhin. Masakit iyon sa dibdib, hindi biro ang pinagdaanan ko. Tinuturuan pa niya ako kung paanong yayakapin nang tama ang unan para magawa ang tamang pag-ubo. Napakaraming proseso. Nahihirapan ako pero kailangan iyon ng katawan ko.

Napakaraming gamot, inumin man o nakakonekta sa ugat ko. Sa sobrang dalas kong inumin ay nasaulo ko ang oras at pangalan, at kung para saan ang mga iyon. Nasubaybayan kong mabawasan ang mga gamot na iyon isa-isa.

Sa ikalawang buwan ko ay mas maraming doktor na akong nakasalamuha. Tinuruan at tinulungan nila ako sa tamang pagkilos at ehersisyong para sa paghinga. Maging ang unti-unti at magandang pagbabago sa katawan ko ay nasubaybayan ko. Dahil wala naman akong ibang pagtutuunan ng atensyon kundi ang sarili kong katawan.

Masaya ako nang malaman ko sa mga doktor na mas maganda ang naging reaksyon ng bagong puso sa katawan ko. Kinailangan ko lang daw talagang manatili nang ganoon katagal sa ospital dahil malayo ang pinanggalingan ko. May mga scheduled follow-up check-up at hindi ko magagawa iyon kung uuwi agad ako ng Pilipinas. Kaya minabuti na ng mga magulang kong manatili kami nang matagal doon, hangga't kailangan akong matingnan ng doktor ay mananatili kami ro'n.

Wala pa rin akong balita kay Taguro. Hindi na rin naman ako nagtanong. Kung gaano katagal akong nananatili sa ospital na iyon, gano'n katagal ko ring hindi binanggit ang pangalan niya. Gano'n katagal din akong hindi nagtanong tungkol sa kaniya. Gano'n katagal ko rin siyang hindi hinanap.

Pero maski isang segundo sa dumaang ilang buwan na iyon ay hindi siya nawala sa isip ko. At kahit may bagong puso na sa katawan ko, hindi nabawasan at lalong hindi nagbago ang nararamdaman ko.

Ilang linggo at buwan pa ang dumaan bago ako kinausap ng doktor at payagan nang umuwi. Hindi ko maipaliwanag ang saya. Wala akong nasabi o nagawa kundi ang ngumiti na lang. Sa apat na buwan ko ro'n, wala akong pinagsisihan o kinainisan man lang sa pananatili. Bawat proseso ay pinahirapan ako, pero lahat ng taong naro'n ay walang ibang ginawa kundi ang tulungan ako. Para mabuhay nang mas matagal.

"Doctor," nakangiting pagtawag ko.

Natigilan ang doktor sa akmang pagpapaalam. Nakangiti siyang tumingin at tumango sa 'kin. Ngumiti rin ako at bahagyang umayos sa pagkakasandal ko sa kama. Handang-handa na kami sa pag-alis.

"Am I safely fit to fly?" tanong ko. **"By plane, I mean."**

"Of course." Ngumiti ang doktor. **"Cabin environment poses very little threat. Besides, flying is not the problem, but the stability or instability underlying your condition that indicates the probability of a cardiac event occurring while you're in the air. Just stay hydrated and active as often as possible. Drink plenty of water, since planes increases the risk of dehydration due to its low humidity, Deib Lohr."**

Nakangiti akong tumango. **"And aside from that...I want to know who my donor is,"** kabadong sabi ko.

Kinakabahan lalo ako para sa kaba na narararamdaman ko dahil hindi na iyon normal para sa 'kin. Sa nagdaang mga linggo ay limitado ang emosyong nagagawa ko. Lahat ng trabahong ginagawa ng puso ko ay bantay-sarado.

Hindi nagawang sumagot ng doktor sa 'kin. Nilingon pa niya muna ang mga magulang ko bago muling tumingin sa 'kin. Pero hindi pa rin siya nakapagsalita.

"You told me that organ donors are always in short supply," patuloy ako.

"That is true," kaswal na sagot niya, nakangiti.

"I want to at least thank my donor's family."

Alam kong patay na kung sinuman ang nagmamay-ari ng bagong puso na ikinabit sa katawan ko. Sa puso't isip ko ay pinasalamatan ko na siya. Sa ngayon ay gusto kong malaman kung sino siya.

Nilingon ng doktor ang mga magulang ko, maging ang mga kasamahan nitong nurse at doktor. Halatang hindi niya malaman kung paanong ipaliliwanag ang laman ng kaniyang isip.

"I and my team cannot disclose any information, Deib Lohr, the donor requested it. We have to protect the donor's confidentiality. By U.S. law, we are required to keep the recipient and the donor information confidential."

Nangunot ang noo ko pero pinilit kong ngumiti saka ako tumango. **"I understand."** Tumayo ako para lumapit at makipagkamay. **"Thank you for your hard work, everyone."** Tiningnan kong isa-isa ang bawat doktor at nurse na nandoon. **"Your extraordinary patience and team work is the secret to my recovery. Thank you from the bottom of my new heart."** Nagtawanan sila. Isa-isa kong kinamayan at pinasalamatan ang lahat.

Mas matagal na nakipagpasalamatan ang mga magulang ko. Tumayo ako at nakangiting naglakad papalabas sa veranda. Nakapikit kong inilahad ang pareho kong braso para salubungin ang hangin at sinag ng araw. Napakasarap ng pakiramdam. Hindi ko na matandaan kung kailan ko huling naramdaman iyon.

"Are you happy, son?" narinig ko ang tinig ni daddy mayamaya

Nanatili ako sa gano'ng posisyon saka ako tumayo. **"I can't contain my happiness,"** humalakhak ako saka nagmulat at nasilaw.

"We are also happy," garalgal ang tinig ni daddy. Nilingon ko siya saka nginitian. Tinapik niya ang balikat ko. **"Let's go home."**

Tahimik ako sa byahe pabalik sa hotel. Habang si mommy ay hindi mahinto ang bibig sa kakukuwento. May mga sandaling natatawa ako, karamihan sa sinasabi niya ay hindi ko na maintindihan. Nagsisimula si mommy sa isang topic at sa dami ng side comments niya ay nauuwi iyon sa ibang topic na.

Alam kong masaya lang siya sa naging resulta ng operasyon ko. Kahit nakapikit ay dinig na dinig ko nang sabihin ng doktor na maganda ang reaksyon ng bagong puso sa 'kin. Narinig ko maging ang pag-iyak ni mommy nang sabihin ng isa pang doktor kung gaano kadalang na mangyari ang ganitong sitwasyon. Maging ang paulit-ulit na pasasalamat ni daddy ay hindi nakaligtas sa pandinig ko.

Kaya hindi ko sila masisi kung bakit ganito na lang sila kasaya. Si daddy ang tanging nakikinig nang ayos kay mommy. Kahit na alam niya ang lahat ng nangyari sa 'kin ay pinakinggan niya si mommy na para bang wala siya

ro'n. Hindi niya hinayaan na mag-isang tumawa si mommy. Masaya silang nagkwentuhan.

"Magpapahinga tayo ng ilang araw pa dito, Deib Lohr," ani daddy nang makarating kami sa hotel. Isa-isa niyang ibinaba ang mga maleta namin, pagod na pagod. **"After two or three days we'll go back to the Philippines."** Nginitian niya ako.

"So...what do you want to do tomorrow?" masayang ani mommy, excited.

Napabuntong-hininga ako saka naupo sa kama. Deretso ko silang tiningnan. **"I want you to get me a flight to Korea."**

Nabigla silang pareho sa sinabi ko, gulat na napatitig sa 'kin. **"Anak,"** dali-daling napalapit sa 'kin si mommy. **"Ano ang gagawin mo sa Korea?"**

Nangunot ang noo ko. **"Alam mo naman, mommy, 'wag mo nang itanong."**

Napapalunok na tumingin si mommy sa 'kin bago nilingon si daddy. Nakita ko siyang bumuntong-hininga, nag-iwas ako ng tingin.

Buo na ang desisyon ko. Wala sa plano kong umuwi ng Pilipinas. Dahil nang oras na magdesisyon akong magpaopera, iyon na ang nakatanim sa utak ko. Kapag natapos ang operasyon, matagumpay man iyon o hindi, pupunta ako ng Korea para hanapin si Taguro.

"Yes," biglang nagsalita si daddy matapos ang sandaling katahimikan. Agad akong napalingon sa kaniya. **"Of course, you're going to Korea."**

Matagal akong napatitig sa kaniya bago ako ngumiti. **"You're the best dad."**

Alam kong hindi sang-ayon si mommy. Hindi kailanman nabawasan ang pag-aalala niya sa 'kin. Kahit anong lagay ko, nag-aalala siya at naiintindihan ko iyon. Pero sa sandaling ito, gusto kong masunod ako. Gusto kong puntahan si Taguro.

Nang araw rin na iyon ay tinulungan ako nina mommy't daddy na mag-ayos ng gamit ko. Syempre, hindi nahinto ang bibig ni mommy sa dami ng paalala. Sumubok pa siyang magpumilit na sumama, pero hindi ako pumayag. Maging si daddy ay pinigilan na siya at sinabing hayaan na lang muna ako. Nang magtampo si mommy ay nagbiro si daddy na kailangan nila ng oras para sa isa't isa. Gusto kong matawa dahil nagpadala naman si mommy, uto-uto talaga. Si daddy na rin ang umasikaso sa ticket ko. Bukas

ng hapon ang flight ko. Kinabukasan ng tanghali ang dating ko sa Seoul, South Korea.

"Seryoso ka, 'dre?" reaksyon ni Tob nang sabihin ko ang plano ko. **"Anak ng tokwa, hindi ka pa yata nakaka-recover sa operasyon mo, eh! Ayos ka lang? Psh!"**

"Ayos na ayos na ako, Tob. Saka ito talaga ang plano ko. Pupuntahan ko siya. Kailangan ko ng paliwanag, Tob. Hindi ako matatahimik, 'dre."

"Paano ka pagkarating do'n?"

"Anong paano?"

"Alam mo ba kung saan pupuntahan si Taguro?"

"Hindi."

"Paano ka nga, kung gano'n?"

"Tatawagan ko ang pamilya niya. Madali na 'yon."

"Alam ba nilang darating ka?"

"Hindi, walang may ideya sa kanila. Ako lang ang may alam sa plano ko. Kahit sina mommy ay nagulat nang magsabi ako. Pero dahil pumayag agad si daddy ay wala nang nagawa si mommy."

"Tsk." Wala na siyang masabi, wala na rin kasi siyang magagawa. Masyado siyang malayo para pigilan ko. **"Magpaalam ka kay Lee!"**

Natawa ako. **"Bakit pa?"**

"Superman is always on the run, 'dre. Siya ang unang sasaklolo sa 'yo."

"Loko." Tumawa ako.

"Seryoso, 'dre, magpaalam ka pa rin kay Lee. Para hindi naman siya mabigla kung bigla ko siyang yayaing mag-Korea."

"Hindi niyo naman kailangang sumunod do'n, 'dre. I can take care of myself."

"Basta, mag-ingat ka. Balitaan mo kami, okay?"

"Makakaasa ka, Tobi Yanai, hehe."

"I love you, 'dre."

"Nakakadiri ka, loko!"

"And I miss you, 'dre, seriously. I miss every inch of you."

"Ulol!" Natawa ako nang matindi.

"When can I see you again, 'dre?"

"Tumahimik ka na nga, Hapon! Ibababa ko na, magpapahinga na ako."

"Sige, 'dre. Good luck!"

"Salamat. Bye." Napangiti ako nang ibaba ko ang linya. Iba pa rin talaga ang tawa ko kapag si Tob ang nagbiro. Napapailing kong inilapag ang cellphone saka ako nahiga.

Nag-text ako kay Lee at sinabi ang plano ko. Hindi na ako nag-abalang tumawag. Dahil sa bibig ni Tob, paniguradong mag-aagawan ang linya naming tatlo. Siguradong mauunahan niya ako sa pagtawag kay Lee para magbalita.

Nakangiti akong pumikit. Pero agad din iyong nawala nang maisip ko kung ano ang mangyayari sa 'kin pagkarating sa Korea. Hindi ko rin alam kung saan ako magsisimula. Pero malakas ang loob ko. At ang tanging pinanghahawakan ko ay ang katotohanang makikita ko na si Taguro. Hindi ako nakatulog agad, at hindi ko rin nagawang makatulog nang ayos. Para akong nakalutang.

"Anak, 'wag mong kalilimutan ang mga gamot, ha?" Mula sa paggising ko hanggang sa maihatid ako sa airport ay hindi nagbabago ang linya ni mommy. Ilang beses na akong umoo pero hindi siya nagsasawa sa kapapaalala. **"Tatawagan kita maya't maya para ipaalala sa 'yo."**

"Yes, mom," natatawa kong sabi. Hinawakan ko siya sa magkabilang pisngi, inipit ko ang mukha niya at saka ko siya hinalikan sa labi. **"I will never forget."**

"Don't you ever dare make kalimot of my words, Deib Lohr!" nangangaral ang tinig niya.

"I will never ever make kalimot, mom," natawa lalo ako.

Nginusuhan niya ako nang may masamang tingin. **"Call me once may maramdaman ka na something different and abnormal, okay?"**

"I will, mommy."

Nakanguso siyang naglungkut-lungkutan. **"And don't forget to take pictures, okay?"**

"Sure," muli ko siyang hinalikan sa noo. **"I love you, mom."**

"I love you, too, baby. Take care, okay? And don't forget to enjoy."

Panay tango na lang ang sagot ko, natatawa ako sa dami nang sinasabi niya. Bumaling ako kay daddy at yumakap. **"Thanks for everything, dad."**

"I love you, son. Anything for you." Mahigpit ang yakap niya, hinalikan din ako sa sentido. **"Be brave!"**

"Braver!" mayabang kong sabi. **"I'll go now."** Kumaway ako at hinila na ang maleta ko.

Humugot ako nang malalim na hininga bago tuluyang pumasok.

Buong byahe ay gising ako. Nakatingin lang ako sa bintana. Ang musikang pinakikinggan ko ay hindi ko maintindihan, maging ang pinanonood ko ay hindi ko natagalang tutukan. Panay ang pag-iisip ko kay Taguro.

Iniisip ko kung ano ang magiging reaksyon namin kapag nakita ang isa't isa. May ilang buwan na mula nang huli kaming magkita. Iniisip ko kung ano ang mararamdaman ko kapag nagpaliwanag na siya. Iniisip ko kung ano ang mararamdaman niya kapag nalaman niyang maayos na ang katawan ko. Iniisip ko kung sasama ba siya sa 'king bumalik sa Pilipinas. Iniisip ko kung ano ang mangyayari, at inubos no'n ang oras ko.

"Ladies and gentlemen, we're now preparing to land approaching Seoul, South Korea, where the local time is 11:00 in the morning. At this stage you should be in your seat with your seatbelt firmly, fastened." Natinag ako nang mag-anunsyo ang attendant.

Hindi ko man lang yata naramdaman ang byahe, bagaman gano'n na lang ang pamamanhid ng puwet ko sa pagkakaupo. Tinanaw ko agad ang labas ng bintana para lang mamangha.

Gusto kong matawa sa sarili ko. Nang sandaling tumapak ako sa lupa ay mukha agad ni Taguro ang hinanap ko. Na para bang makikita ko siyang palakad-lakad doon. Ganoon ako kadesperadong makita siya sa oras na 'to.

You broke me into a lot of pieces, Maxpein, and yet I am willing to give you every part of me.

Nilanghap ko ang malamig na samyo ng hangin ng Korea. Hindi ko pa siya kasama ay nararamdaman ko na siya. Sa sandaling iyon ay naisip kong iisa kami ng hanging sinisinghap ni Taguro. Iisa kami ng lupang tinatapakan. Iisa kami ng bansang kinaroroonan.

Pumara ako ng taxi at nagpahatid sa pinakamalapit na five star hotel. Agad kong tinawagan sina mommy't daddy para ipaalam na nakarating na ako. Tuwang-tuwa sila, panay pa rin ang paalala. Pero hindi ko na pinahaba pa ang usapan.

Matapos magpahinga ay bumaba ako at dumeretso sa restaurant. Matagal bago ako nakapili ng kakainin, may mga ipinagbabawal pa kasing pagkain sa akin.

Habang kumakain ay doon ko tinawagan si Maximor.

Nakakapanghina ang kabog sa dibdib ko. Kinakain ako ng hindi maipaliwanag na kaba habang nagri-ring ang linya niya. Gusto ko nang ibaba ang tawag para lang mahinto ang kaba pero kailangan ko siyang makausap. Kailangan kong sabihin na nandito ako sa Korea at gusto kong makita ang anak niya.

Pero hindi agad iyong sinagot ni More. Tatlong beses akong sumubok bago nakapasok sa linya niya.

"*Yoboseyo*?" may halong pagtataka sa tinig niya.

"More..." Iyon ang tanging nasabi ko. Dahil ang matinding kaba na nararamdaman ko kanina ay mas dumoble pa!

Napapikit ako at pinakalma ang sarili. Hindi makabubuti sa akin ang gano'ng pakiramdam. Wala pa man ay nakakalimutan ko na yata ang mga paalala ni mommy. Agad akong huminga nang malalim at dahan-dahan iyong pinakawalan. Kailangan kong kumalma.

"*Yoboseyo*?" pag-uulit niya nang hindi ako magsalita, may iritasyon na sa tono. **"*Nuguseyo*?"** pagtatanong niya kung sino ako.

"It's me," nautal ako. **"Deib Lohr."**

Hindi agad siya nakapagsalita. Ilang saglit natahimik ang linya niya. Naisip kong nagulat siya, natural iyon. At dahil isa siyang Moon ay posibleng alam niya nang nasa Korea ako ngayon. Dahil sa numero ko, at dahil sa angkin niyang talino.

"Deib Lohr?" mayamaya'y aniya. **"Napatawag ka?"**

"Nandito ako sa Korea," kabadong sabi ko.

"Yeah." Tumikhim siya.

Napabuntong-hininga ako. *Iyon lang ang masasabi niya?* Hindi ko malaman kung ano ang mararamdaman ko. **"I'm in Seoul right now."**

"What are you doing there?" kaswal niyang tanong.

Mul akong humugot nang malalim na hininga. Kinabahan ako sa tanong niya. Pakiramdam ko ay hindi magandang ideya para sa kaniya na nandito ako. Pakiramdam ko ay ayaw niyang pumunta ako dito.

"Because I want to see Maxpein, I want to talk to her, tito." Hindi ko na nagawang kainin ang pagkain sa harap ko. Nawalan na yata ako ng gana samantalang kanina ay matunog ang tiyan ko sa gutom. **"I need to talk to her. May usapan kaming babalik siya, pero hindi siya dumating. Please, tito, I want to see your daughter. I need to see her."**

"Wala kami sa Seoul, Deib Lohr. Hindi kami diyan nakatira."

Natigilan ako at nalito. Sandali kong inalala na wala nga palang nabanggit sa 'kin si Taguro kung saan sila mismo sa Korea nakatira.

Napalunok ako. **"Where exactly in Korea do you live, then? I will go there."**

"We live in north, Deib Lohr." Matagal bago siya nakasagot. Natigilan ako nang husto. **"North Korea."**

North Korea... Hindi ko nagawang makapagsalita. Hindi ko maintindihan kung bakit iyon lang ang sinabi niya pero muli akong nakaramdam ng kakaibang kaba. Iyong kaba na nararamdaman ko sa t'wing may malalaman akong kakaiba sa pagkatao nila.

~ To Be Continued. . . ~

OceanofPDF.com

CHAPTER 229 : THE TRUTH 4

CHAPTER 229 : THE TRUTH 4
DEIB LOHR'S POV

"NORTH KOREA..." Hindi ko malaman kung bakit gano'n na lang ang kaba ko.

Sa sandaling banggitin ko iyon ay para bang nakilala ko agad ang mga Moon. Na para bang hinimay ko ang pagkatao nila kahit hindi naman talaga. Nang dahil sa katotohanang iyon ay parang naintindihan ko na kung bakit gano'n ang pagkatao nila. Sa isang iglap ay sinagot nila ang mga tanong na ilang taon na nagpapaikot-ikot sa utak ko.

Mabilis na nanumbalik sa akin ang karamihan sa mga usapan namin ni Taguro. Maski isang beses, hindi ko naramdaman o naisip man lang na sa North Korea sila nakatira. Naguluhan ako bigla.

Ang pagpunta niya sa Jeju...para matulog... Sa Busan... Ang pagtatrabaho niya sa convenient store... Nahimas ko ang sarili kong noo hanggang sentido. *Kaya nga dito ako dumeretso sa South Korea, dahil buong akala ko ay dito sila nakatira!*

Hindi ko nagawang magsalita. Nanumbalik yata ang gutom ko nang kumulo bigla ang tiyan ko dulot ng kakaibang pakriamdam.

"Are you still there, Deib Lohr?" tinag ni More.

Napabuntong-hininga ako. **"I'm speechless. I'm too surprised, tito,"** pabulong na sabi ko. **"Hindi ko alam, hindi ko naisip na diyan pala kayo nakatira."**

Tumikhim siya. **"Dahil hindi naman iyon sasabihin ni Maxpein sa iyo unless itanong mo."** Hindi ko maintindihan kung nagpapakasarkastiko ba siya o nagbibiro. Masyado siyang seryoso. Hindi ko rin magawang tumawa o mainis. Masyado akong nagugulat. Para iyong bomba ng pagkatao nila na ibinato sa akin at pinanood ko lang na sumabog.

Naisabunot ko ang kamay ko sa buhok at napayuko. **"I want to go there, tito. I need to see your daughter."** Matagal bago ko iyon nasabi sa kaniya, kinailangan ko pang lakasan ang loob ko.

"That is impossible, Deib Lohr." Mahihimigan ang lungkot sa tinig niya.

Awtomatikong umangat ang paningin ko, at nanlumo. Kunot-noo akong napatitig sa plato. **"What do you mean, tito?"** Itinanong ko iyon kahit na sa isip ko, bago pa ako magtanong, ay nararamdaman ko nang imposible nga iyon.

"Wala kang ideya sa bansang ito."

Umiling ako nang umiling. **"Make me understand, tito."** Nawawalan ako ng pag-asa.

Bakit gano'n? This is unfair!

Hindi sumagot si More. Nadinig ko sa linya kung ilang beses siyang bumuntong-hininga. Naipatong ko ang noo ko sa palad ko. Wala pa man ay parang gusto ko nang bumigay. Nakapanlulumo ang ganitong sitwasyon. Wala nang puwang ang puso ko para muling masaktan. Sobra na.

"But I can get you there and take you here," mayamaya ay nagsalita siya.

Sandali akong natigilan at unti-unting nag-angat ng tingin. Iyon ang sagot sa sandaling depresyon ko. Pero hindi ko pa rin iyon mapaniwalaan. Nababaliw na siguro ako. Ang emosyon at pag-iisip ko ay masyadong apektado.

"But for now ay manatili ka diyan sa Seoul. Bukas ay susunduin kita," dagdag niya.

Parang hinaplos ang puso ko sa hindi maipaliwanag na dahilan. Pakiramdam ko ay gano'n ako kaimportante sa sandaling iyon, sa taong iyon, sa pamilya ng taong iyon.

Lalo na sa anak niya... Napalunok ako sa sarili kong naisip. **"Hindi ba magiging abala 'yon sa inyo, tito?"** nahihiyang sabi ko.

"Hindi." Bumuntong-hininga siya. **"Meron kaming sariling eroplano."**

Lumaylay ang mga balikat ko. *Syempre, kailangang sabihin niya 'yon. Kailangan yatang malaman ng buong mundo na meron silang sariling eroplano.* **"Salamat, tito,"** iyon na lang ang nasabi ko.

Bumuntong-hininga siya ulit. **"Pero chopper ang dadalhin ko. Pag-aari rin namin iyon,"** patuloy niya. Napamaang ako saka nasapo ang sariling noo saka napapikit. **"I'll call you tomorrow. Bye."** Ibinaba niya ang linya.

Hindi ko nagawang alisin agad sa tainga ko ang telepono. Para akong naestatwa sandali sa nangyaring pag-uusap namin. Hindi ko maintindihan ang pakiramdam, gaya ng dati ay naghahalo-halo na naman 'yon. Hanggang ngayon ay hindi ko malaman kung paano nilang napaghahalo ang katotohanan at kayabangan. Sila lang ang nakagagawa no'n.

Hindi ko na nagawang kainin nang ayos ang pagkain, sapat lang ang kinain ko para magkaro'n ng laman ang tiyan ko.

Matapos ay dumeretso ako sa information desk para humiram ng laptop. Para akong nakalutang. Meron sa loob kong naghahanap pa ng sagot. Pakiramdam ko ay may kailangan akong malaman. Binuhay ni More ang buong sistema ko dahil sa dalawang salita.

North Korea.

Matagal akong tumitig sa screen ng laptop. Panay ang buntong-hininga ko. Hindi ko alam kung saan ako magsisimula. Napakarami kong tanong pero maski isang salita ay hindi ko matipa.

At nang sa wakas ay mai-type ko ang pangunahing tanong ko ay mabilis na kumilos ang aking mga mata. Napapalunok ako sa bawat detalyeng aking nababasa. Gusto ko ngayong kuwestiyonin kung bakit ganoon ang bansa nila. Kakaiba! Sa iilang impormasyong nalaman ko ay para akong binuhusan nang malamig na tubig.

Kaya pala... Paulit-ulit iyon sa isip ko sa t'wing maikokonekta ko ang ugali at aksyon ng mga Moon sa mga nalaman ko.

Napakarami kong nabasa, nalaman at naintindihan. Pero nang matapos ay para pa rin akong nadagdagan ng mga tanong.

Nahiga ako nang manakit ang ulo ko. Nasorpresa ako nang makitang inabutan na ako ng liwanag. Hindi ko man lang napansin ang oras. Masyado akong nalunod sa pagbabasa, sa pagkalap ng impormasyon tungkol sa bansa nila.

Hindi lingid sa kaalaman ko ang gulo sa pagitan ng South at North Korea. Alam kong magkaibang bansa sila. Ilang beses din naming napag-aralan iyon noong high school. At pahapyaw na nababalikan sa history subject ngayong college ako. Pero hindi ko akalaing magiging ganito kabigat ang epekto nito sa pagkatao ko. Hindi ko kailanman naisip na posibleng makatungtong ako sa North Korea.

Nang dahil kay Taguro... **"Kinakabahan ako sa pagkatao mo, Taguro,"** nakapikit kong bulong. Nagpatuloy sa paggana ang utak ko hanggang sa makatulugan ko ang pag-iisip.

NAGISING AKO kinabukasan sa sunod-sunod na door bell. Iritable pa akong bumangon at tinitigan ang pinto. Tanghali na. Gusto kong mainis dahil pakiramdam ko ay iyon palang ang pinakamatagal at pinakamaayos kong.

Pero nang maalala ko si More ay agad akong nagising. Dinampot ko ang cellphone at nanlaki ang mga mata ko nang makita kung ilang tawag ang hindi ko nasagot.

Dali-dali akong bumangon at nagroba. Dumeretso ako sa pinto at gano'n na lang ang gulat ko nang masilip kong si More ang nasa likod niyon.

Paano niya nalamang nandito ako? Kinilabutan ako nang maalala ko ang ilan sa mga nabasa ko kagabi. *Gano'n ba talaga katinik ang pagkatao nila?*

Muling tumunog ang bell kaya natinag ako. Pinagbuksan ko si More, at nahihiyang tinanguhan.

"Tito..."

"Mukhang nabulabog ko ang tulog mo." Ngumiti siya nang pormal. **"Good morning."**

"Good morning, tito. Please come in."

"Thank you."

Nakamot ko ang ulo ko habang pinagmamasdan siyang tumuloy. Iginala niya ang paningin sa kabuuan ng simpleng kwartong kinuha ko. Magulo pa ang ilan sa mga gamit ko. Wala si mommy para ayusin ang mga iyon, at nasanay akong gano'n. Napabuntong-hininga pa ako sa hitsura ko, wala maski anong ayos.

"I'm sorry, tito, I just woke up," napapakamot pa rin sa ulo na sabi ko.

"It's okay." Nakangiti niya akong hinarap. **"Nagpahatid na ako ng makakain dito."**

Namangha ako. **"Nakakahiya naman, tito."**

"Bisita ka namin." Muli siyang ngumiti. Napabuntong-hininga lang ako. **"Maybe you can get yourself ready while we're waiting."**

"Yes, tito." Dali-dali akong kumilos at pumasok sa banyo.

Kakaiba ang pakiramdam ngayong kaming dalawa lang ni Tito More ang magkasama. Pakiramdam ko ay masyadong pormal. Ngayon ko lang naramdaman ang kakaiba niyang awtoridad, at marahil ay dahil iyon sa mga nabasa ko sa internet kagabi. Parang gusto kong hanapin iyong palabirong Maximor Moon na nakilala ko noon. Iyong double meaning kung magbitiw ng salita, iyong nagsasabi ng literal pero parang nanunukso. Iyong tatay ni Taguro.

Hindi ko nagawang magtagal sa banyo. Nagmadali ako nang may marinig akong usapan mula sa labas ng pinto, dumating na ang pagkain. Ayaw kong paghintayin si tito. Ayaw ko lalong magtagal pa dito dahil gusto ko nang makita si Taguro.

"Please wear your best suit. Do not wear jeans." Sinabi iyon ni tito habang namimili ako ng isusuot.

Napalunok ako matapos siyang lingunin. *Bawal 'yon sa kanila.* **"Yes, tito."** Muli akong naghalungkat sa mga gamit ko.

Sa sandaling iyon, dahil na naman sa sinabi niya, ay kung ano-anong pumasok sa isip ko. Naisip ko ang paraan nila ng pananamit. Madalas ay itim iyon at pormal. Talagang hindi nawawala iyon sa kanila. Kahit sa bahay kasi ay madalas na gano'n sila, maliban na lang kay Taguro. Nakita ko na siya suot ang iba't ibang uri ng damit, pambahay man o pang-alis.

Sina Maxwell at Maxrill naman ay nakikita kong naka-uniform pero bukod doon ay naghahabulan ang talento at panlasa nila sa pananamit. Kahit anong init nga ng panahon ay hindi nawawala ang itim at mahabang coat ni Maxwell, kulay tsokolate naman ang mahabang coat ni Maxrill. Noon ay natatawa ako sa t'wing makikita ko kung gaano kakakapal ang mga coat nila. Ang leather jacket naman ni Taguro ay senyales ng kayabangan niya para sa 'kin. Pero ngayon ay hindi ko na alam kung pati iyon ay may kinalaman sa pagkatao niya.

Sa sandaling ito, mula nang may malaman at mabasa ako, parang binibigyan ko na ng kahulugan at dahilan ang lahat. Na ang bawat pag-uugali at kilos nila ay may kinalaman sa kultura at pagkatao nila. Na ang bawat galaw at prinsipyong pinaiiral nila ay may kinalaman sa batas. Maging ang pananalita nila ay kinapapraningan ko, lalo na ang paraan ng pagsasalita ni Taguro.

"Kailangan mong iwan ang ilang gamit mo dito, Deib Lohr." Muling nagsalita si tito matapos kong magbihis. Nakaharap siya sa bintana at nakatalikod sa 'kin, habang ang parehong kamay niya ay nasa likuran. **"Bawal kang magpasok ng camera, cellphone at laptop sa bansa namin."**

Tumango ako ngunit nanatili sa likuran niya ang paningin ko. Napapabuntong-hininga akong tumitig kay More. Gusto kong magtanong nang napakaraming tanong pero hindi ko iyon magawa ngayon.

Ang sinabi niya ay isa sa mga nabasa ko kaya hindi na ako nagulat, pero nanatili sa 'kin ang pagtataka. Bukod do'n ay hindi mawala sa isip kong

bawal ang magsalita ng kahit anong negatibo at masama tungkol sa bansa, lalo na sa lider nila. Pwede ko iyong ikapahamak at damay ang buong pamilya ko.

Humarap siya mayamaya at naglakad papunta sa gawi ko. Gusto kong mapaatras dahil sa paraan nang pagkakatitig niya ay para niya akong sinisita. Pinasadahan niya ng tingin ang kabuuan ko saka malalim na bumuntong-hininga, iyong talagang kasama ang mga balikat niya.

"Ipapaayos natin mamaya ang buhok mo," aniya saka muling tinalikuran ako. **"You must be hungry? Let's eat."** Dumeretso siya sa mesa. At gano'n na lang ang gulat ko nang may ginoo na sa harap niya, mukhang chef. Lumabas na lang ito basta mula sa kung saang parte ng kwartong iyon at pinagsilbihan siya.

Tuliro akong naupo sa harap ni More. Hindi ko malaman ang sasabihin. Namamangha ako, nagugulat at lutang. 'Ayun na naman iyong iba't iba, halo-halong emosyong idinudulot ng katauhan nila.

Pero kahit anong sarap sa paningin at pang-amoy ng nakahaing pagkain ay hindi ko magawang ganahan sa pagkain. Kailangan ko pang pilitin ang sarili kong kumain para lang hindi masayang ang inihanda ni More. Mukhang specialties pa naman iyon ng Korean.

Nakapanlulumo ang nakabibinging katahimikan sa pagitan namin ni More. Nahihiya tuloy akong gumawa ng kahit maliit na ingay. Marahan ang naging pagkilos ko, todo ang effort. Si More naman ay kumilos nang normal, walang kaingat-ingat at walang pakialam, pero wala ring nagawang anumang ingay.

Bakit ba naninibago at nagugulat pa ako? Gano'n nga sila. Gano'n ang pagkatao nila, Deib Lohr.

Nakakapraning. Ang bawat kilos niya ngayon ay binibigyan ko ng ibang kahulugan. Naiisip kong ang bawat galaw nila ay may mabigat na dahilan. Nakakatawa para sa normal na gaya ko, pero sa kanila ay seryoso iyon. Naiisip ko ngayon na ang bawat kilos nila ay idinidikta at dapat na akma sa batas.

"Stop watching me." Nagsalita si More mayamaya dahilan para maestatwa ako.

Syempre, naramdaman niya rin 'yon. **"Sorry,"** kaswal kong sabi.

Humalakhak siya. **"Are you okay?"**

Gulat akong nag-angat ng tingin sa kaniya. Hindi ko nagawang makapagsalita. *Am I okay?* Gusto kong tanungin ang tanong na 'yon kung

paano ko iyong sasagutin. Para akong tanga, para akong baliw. Wala na sa normal na daloy ang katawan ko, maging ang pag-iisip ko ay sabog na.

Pakiramdam ko rin ay nawalan ako ng lakas ng loob na magtanong at magsalita. Pinag-iisipan ko pang maigi ngayon kung dapat ba akong manguwestiyon. Napapraning ako sa kaiisip kung pwede ko ba iyong malaman o itanong man lang. Nakakabaliw.

"Mukhang malalim ang iniisip mo?" aniya na muling ibinalik sa kinakain ang paningin.

Sandali pa akong tumingin sa kaniya bago muling bumuntong-hininga. **"Nagugulat lang ako, tito."** Hindi siya nagsalita, ni hindi man lang nagbago ang reaksyon niya. **"Hindi ko inaasahang sa North Korea kayo nakatira."**

"Hindi ugali ng mga anak kong magsabi, gano'n din ako. Hindi namin nakasanayang magsabi ng impormasyon kung hindi naman kinakailangan."

"I understand that, tito." Gusto kong sabihing sanay na ako sa gano'ng dahilan. Na ilang beses ko na iyong narinig kay Taguro. Pero masyadong seryoso ang usapang ito. Hindi na ito pwedeng idaan sa biro gaya no'ng mga dating nagagawa ko.

Mayamaya ay humalakhak siya. Nangunot tuloy ang noo ko. Pinanood ko siyang ngingisi-ngising tumingin sa 'kin bago nagsalita.

"Honestly, I was also surprised. Hindi ko inaasahang magugulat ka dahil akala ko ay alam mo na." Ngumiti siya. **"Anyway, we're North Korean citizens. Mokz and his daughter Maze, my wife, are South Korean citizens."**

Nangunot ang noo ko pero hindi ko nagawang tumugon. Parang walang laman ang utak ko sa oras na 'yon. Wala akong pwedeng itanong dahil wala naman akong lubos na ideya sa mga batas nila.

"Posible ba 'yon?" nagtatakang tanong ko. **"Tch. Hindi ko tuloy maintindihan kung tama ba 'yong mga nabasa ko."**

Kumunot ang noo niya. **"Anong nabasa mo?"**

Bumuntong-hininga ako. **"Nagbasa-basa ako tungkol sa bansa ninyo, tito,"** nahihiyang pag-amin ko. **"Wala akong masyadong ideya tungkol sa North Korea. Nabasa kong ang mga citizen ninyo ay hindi pwedeng pumunta dito sa South. Ngayon ay nagtataka ako kung paano kayong nagkatuluyan ni Tita Maze, eh, magka...away 'yong bansa ninyo."** Wala

akong makuhang tamang salita para maipaliwanag nang ayos ang gusto kong sabihin.

Sandali siyang tumitig sa 'kin bago tumawa. **"Bilang lang ang taong nakakapasok sa bansa namin, Deib Lohr. Bibihira lang din kaming magbigay ng impormasyon, may batas kami ukol do'n. Paano kang nakasisiguro na tama ang mga nabasa mo, lalo na at sa internet 'yon nanggaling?"**

Natigilan ako, may punto siya at maganda 'yon. *Bakit nga ba hindi ko naisip 'yon?* Nabasa ko rin 'yon, bihira nga ang nakakapasok sa bansa nila. Hindi ko nga lang naisip na posibleng mali ang mga impormasyong binabasa ko.

Ngumiwi si More. **"Paniwalaan mo ang impormasyong mababasa mo sa internet kung North Korean citizen mismo ang nagsulat."** Bahagya siyang tumawa. **"Ngunit imposibleng mangyari iyon. Pwedeng kasuhan ng aming gobyerno ang sinumang gumawa niyon."**

"Yes, tito," napapahiyang sagot ko. Gusto kong bulyawan ang sarili ko kung bakit wala ako maski katiting na common sense.

"Komplikado ang batas namin at hindi mo iyon matututunan sa isang upuan lang, Deib Lohr," patuloy niya, seryoso na. **"Legal kaming pumunta dito sa South dahil may legal na pahintulot kami ng gobyerno. Ang mga walang pahintulot ay hindi na makababalik pa sa North oras na tumapak sila dito sa South. Ang mga South nationals naman ay kinakailangang dumaan sa proseso bago makatungtong sa bansa namin. Masyadong komplikado dahil hindi magkasundo ang North at South. Magkaibang bansa ang mga ito."**

"Komplikado nga," iyon lang ang nasabi ko.

"Ibang kaso naman ang sa amin ni Maze, pinakakomplikado." Mapait ang pagtawa niya. **"At hindi mo na kailangang malaman pa ang tungkol do'n."** Bumuntong-hininga siya. **"Isa kami sa pinakamaimpluwensiyang tao sa North Korea, Deib Lohr. May sarili kaming batas at pamunuan. Ang mga ginang na nakita mo,"** tumitig siya sa akin. **"Sila ang tinatawag na hukom."**

"Hukom?" patanong na tugon ko kahit na minsan nang nabanggit ni Heurt sa 'kin ang tungkol sa kanila.

Tumango si More. **"Parte sila ng aming gobyerno. Isa sa kanila ang pumalit sa lola ni Maxpein noon."**

Nanlaki ang mga mata ko. *Kung gano'n ay hukom noon ang lola ni Maxpein?* Nakakagulat ang katotohang iyon bagaman limitado ang nalalaman ko. Ang totoo ay iyon palang. Wala akong ideya tungkol sa hukom. Wala iyon sa mga nabasa ko.

Ngumiti siya sa 'kin nang hindi na ako makapagsalita. **"Are you ready?"**

Kinabahan ako, hindi ko inaasahan ang tanong niya. Lutang akong napatango. **"Yes, tito."**

Seryoso nga si More sa sinabi. May dalawang Koryanong pumasok sa kwarto matapos kumain at agad na pinakialaman ang buhok ko. Napabuntong-hininga na lang ako matapos makita kung gaano kapantay ang gupit ng buhok ko matapos iyong gupitan.

Hindi ko rin inaasahang walang ipadadala sa 'kin si More na maski anong gamit. Kung ano ang suot ko ay siyang gamit na dala ko. Wala na bukod doon.

Hindi ko lalo inaasahang napakarami pa ring tauhan na sasalubong at makakasama namin sa byahe. Gano'n na lang ang pagkamangha ko nang makita ko ang private chopper na dala ni More. Makintab at kulay itim iyon, may apat na bintana at mas malaki kompara sa katamtamang sukat ng private choppers. Bukod sa private chopper ay may dalawang normal pang helicopters. Na marahil ay gagamitin ng mga tauhan.

At sa unang pagkakataon ay nakita ko ang simbolo ng pamilyang Moon na siyang nakatatak doon. Hindi ko maintindihan kung pinangingilabutan ako habang pinagmamasdan ang simbolo ng pamilya nila.

Triple Moon, iyon ang itinawag ni More sa simbolo. Buo ang moon sa gitna at sa magkabilang gilid naman niyon ay magkabaliktad na crescent moon. Sa ibabaw ng simbolo ay nakasulat ang Moon Family sa Korean letters at sa ilalim naman ay English letters.

Unbelievable...

Hindi ko na naman nagawang magsalita sa sobrang pagkamangha. Walang tao maliban sa 'min ni More at mga tauhang kasama niya. Kahanga-hangang payapa niyang nagagawa anumang kailangang gawin. Nagagawang iparamdam sa 'kin ni More ang kapangyarihang meron sila sa mga simpleng kilos niya.

Napakaganda sa loob ng chopper. Higit na mas maganda kompara sa choppers na nakita ko na. Malamang! Pero namangha talaga ako.

May mahabang seat sa kabilang gilid ng chopper. May itim na center table sa harap niyon. Bukod doon ay may dalawang malalaking seats sa

magkabilang gilid. May TV naman sa pagitan ng cabin at cockpit. Pakiramdam ko ay hindi matatakot o kakabahan man lang ang sinumang sumakay dito. Nakakabilib!

Hindi ako mahinto sa pagtingin sa kabuuan ng cabin habang ang isa sa mga tauhan ay inaasikaso ang pag-upo ko.

Ganito sila kayaman... **"Gaano katagal ang byahe natin, tito?"** wala sa sariling tanong ko nang maupo siya sa harap ko.

Nakakaloko ang halakhak ni More. **"Minuto. Magaling ang piloto."** Ngumiti siya. Napamaang ako saka pilit na tumawa.

Nilingon ko ang tauhan na biglang pumasok sa chopper. Tumango siya sa 'kin na siyang ipinagtaka ko. Napatingin ako kay More, seryoso siyang bumuntong-hininga saka pilit na ngumiti.

"Pasensya na pero kailangang piringan ang iyong mga mata," pormal niyang sabi.

Hindi ko na nagawang makapagsalita pa. Kusa nang kumilos ang tauhan para takpan ang mga mata ko. Ang sumunod na nangyari ay bumukas ang makina ng chopper. Naramdaman ko na lang umaandar na kami.

Hindi ako mapakali sa pag-upo. Panay ang paglingon ko kahit wala naman akong makita. Hindi na ako sumubok na magprotesta dahil paniguradong may dahilan ang bawat kilos nila. Nasisiguro kong ayaw o hindi pwede na ipakita sa 'kin ni More ang ilang parte ng lugar nila. At naiintindihan ko naman 'yon.

Hindi ko pa rin maipaliwanag ang pakiramdam. Si Maxpein ang ipinunta ko ro'n pero sa araw na 'yon ay hindi ko pa nababanggit ang pangalan niya. Wala pa akong naitatanong sa tatay niya. Hindi ko rin alam kung handa ba akong marinig ang tungkol sa kaniya. Gano'n na lang ang takot ko pagdating kay Taguro. May kung ano sa loob kong natatakot sa totoong sitwasyon na kinaroroonan niya.

Katahimikan ang namagitan sa 'min ni More. Nakikiramdam ako pero wala akong maramdaman. Gano'n kahirap ang sitwasyon ko habang bumibiyahe papunta sa bansa nila.

"Welcome to Pyongyang, Deib Lohr," mayamaya ay ani More.

Naipaling ko ang ulo ko sa gawi niya. Biglang kumalabog sa kaba ang dibdib ko. Pero kahit na gano'n ay wala pa rin akong maisip. Nananatiling blanko ang utak ko.

Ilang saglit pa ay naramdaman ko na ang unti-unting paglapag ng chopper. Sandali pa kaming nanatili sa chopper hanggang sa maramdaman

ko ang pagbukas ng pinto. Maingay ang elesi. Naramdaman ko rin nang may tumabi sa 'kin kaya hindi na ako nagulat nang kalasin niyon ang piring sa mata ko. Ilang beses ko pang kinusot ang mga mata ko, pakiramdam ko ay nanlabo ang paningin ko.

"Nandito na tayo," nakangiting ani More.

Hindi ko nagawang magsalita. Nanatili sa kaniya ang paningin ko at sobra talaga ang kabang naramdaman ko. Lalo na nang maalala ko ang ilang larawan ng North Korea na nakita ko sa internet. Ang kaliwa't kanang kanyon at gamit panggera ay hindi ko makakalimutan. Maging ang mga tao sa bansang ito ay hindi ko maiwasang katakutan. Sa mga pictures na nakita ko sa internet ay halatang gano'n na lang ang disiplina nila sa katawan. At masasabi kong istrikto talaga ang bansa dahil sa lahat ng litratong nakita ko, bawat lugar ay gwardiyado.

Damn it. Tama ba 'tong ginagawa ko? Parang gusto ko nang umurong. Pero ang puso ko ay hindi sang-ayon sa naisip ko.

"Deib Lohr?" tawag ni More.

Napaawang ang bibig ko, hindi namalayang nakatulala na pala ako sa kaniya. **"Yeah,"** tumango ako at saka humugot nang malalim na hininga.

Pagkababa ay doon ko lang nagawang tingnan ang paligid, ang lugar kung nasaan kami. At hindi ko napigilang mapanganga.

Wow...

Biglang nawala sa pandinig ko ang malakas na ugong ng makina at tunog ng elesi. Nawala ang lahat ng ingay sa pandinig ko dahil sa aking nakikita.

Malayong-malayo ang lugar na nasa harap ko sa mga pictures na nakita ko sa internet. Dahil ang paligid ko ngayon ay tadtad ng puno na may iba't ibang kulay ng dahon. May berde, tsokolate, pula, asul, dilaw, bughaw, puti at marami pa! Nakahilera ang hindi mabilang na puno sa kaliwa't kanan ko. Sa magkabilang gilid ng mga iyon ay mga halaman na may iba't ibang kulay rin ng dahon. Sa gitna na siyang pathway ay nagkalay ang tuyong dahon, na kahit gano'n ay nagbigay pa rin ng kakaibang ganda sa paligid. Ang tinutumbok ng pathway na iyon ay manmade bridge na kulay pula rin. Mula sa kinatatayuan ko ay natatanaw ko ang batis sa ilalim ng bridge.

"Welcome to Empery," ani More.

Tulala ko siyang nilingon, wala pa rin ako sa sarili. Nakangiti siyang nakatanaw sa mga puno na gaya ko. Kaya naman nilingon ko ulit ang paligid at nakangangang pinanood ang pagsabay ng mga dahon sa hangin. Kakaiba masyado. Hindi pa ako nakakita nang ganoon kagandang lugar sa

buong buhay ko. At ang tanawing iyon ay nagdudulot ng kakaiba ngunit sobrang sarap na pakiramdam sa dibdib ko.

Empery...

Iginala ko ang paningin ko, halos ikutin ang kinatatayuan ko, para lubos na makita ang kabuuan ang lugar na 'yon. Doon ko lang nakita ang malawak at asul na dagat sa likuran ko. At mula ro'n ay natatanaw ko ang maliliit na buildings. Nasisiguro kong iyon ang kabisera ng lugar na iyon. Nakangiti akong napailing sa sobrang pagkamangha. Mula sa malamig at mamasa-masang hangin, ampas ng alon, sa huni ng mga ibon at sa amoy ng mga dahon, lahat iyon ay nagugustuhan ko.

"Are you alright?" nag-aalala ang tinig ni More.

Tuliro akong lumingon sa kaniya. **"Yeah, tito,"** natawa ako sa sarili ko. **"Hindi ko lang inaasahan na ganito kaganda ang lugar ninyo. Akala ko kasi..."**

Tumawa siya. **"Sisihin mo ang internet."**

Napailing ako. **"Gano'n na nga."**

Bumuntong-hininga si More saka ngumiti. Pinanood niya ang paglipad muli ng chopper. Ako naman ay muling nilibang sa pagtingin sa sarili. Talagang napakaganda ang lugar. Nang-aakit masyado kaya imposibleng hindi ka mapatingin.

Kaya pala mahilig sa puno si Taguro, napakaraming puno dito.

Talagang napakagaganda ng mga puno. Hindi mahinto sa pagpuri ang isip ko.

"Let's go?" anyaya ni More.

Awtomatiko akong napalingon sa kaniya. Ang kaninang magandang pakiramdam ay biglang humupa. Nangibabaw bigla sa 'kin ang kaba. Ang hindi maipaliwanag na kaba.

Tinanguan ko siya, iyon lang ang kinaya ng sistema ko. Isa-isang nagsipuntahan sa harapan namin ang mga tauhan, na sandaling nawala sa isip ko dahil sa nakakaakit na lugar nila. Pumorma ang mga tauhan sa magkabilang gilid ng pathway, mga nakatungong humilera nang magsimulang maglakad si More.

Hindi pa rin ako mahinto sa paglingon, kaliwa't kanan hanggang sa likod ay hindi ko mapigilang tingnan. Tuloy ay halos mapaluhod ako nang mapatid, hindi ko namalayang papaakyat na pala sa bridge.

Nag-angat ako ng tingin kay More at nakahinga nang maluwang nang makitang hindi niya nakita. Napangisi ako saka inosenteng lumingon sa

likod. Nawala bigla ang ngiti sa labi ko nang makita kung gaano karaming tauhan ang nakakita sa lihim na pagkapahiya ko. Sumeryoso ako at nag-iwas na lang ng tingin.

Gano'n na lang ang gulat ko nang makita ang kabilang dulo ng bridge. Ang lugar na hindi ko na matanaw kanina. Ang bridge kasi ay matatanaw sa bungad pero ang dulo niyon ay hindi na. Kaya naman hindi ko inaasahan na nasa mataas na lugar pala kami. Dahil sa kinatatayuan ko ngayon ay natatanaw ko ang halos buong village.

Napatitig ako sa torii na may katamtamang laki. Sa gitna kasi niyon ay naro'n na naman ang simbolo ng mga Moon.

"This is where we live," ani More.

Hindi ko na nagawang lingunin o sagutin si More. Makapigil-hininga ang lugar sa aking harapan. Kahit na sinong nasa kinatatayuan ko ngayon ay matitigilan at panonoorin ang magandang paligid. Malayo talaga iyon sa mga nakita ko sa internet, sobrang layo. Gano'n na lang marahil ang reaksyon ko dahil bukod sa hindi ko ito inaasahan ay talagang kahanga-hanga ang ganda ng lugar nila.

Ang mga puno na sumalubong sa pagdating ko kanina ay hindi na mabilang. Ang mga puno sa harapan ko ngayon ay higit na mas marami pa. Nagkalat ang cherry blossoms, ang tanging nakikilala ko sa maraming klase ng puno, sa paligid. Gaya kanina ay nakakaakit ang iba't ibang kulay ng mga dahon. At gaya rin kanina ay nakakaaliw tingnan ang nagkalat na dahon sa mga daan. Maging ang halaman sa buong paligid ay parang handang sumalubong sa 'kin.

Kani-kaniyang lipad ang mga puti at itim na ibon. Ang hangin ay nahaluan na ng kaunting init pero masarap pa rin sa pakiramdam. Ang natural na amoy ng kalikasan ang lalong umaakit sa 'king panoorin ito.

Halos pare-pareho ang bahay na nakikita ko. Hindi kalakihan ang mga 'yon. Magkakalayo at malalaki ang agwat ng bawat bahay pero ang lahat ay napaliligiran ng halaman at mga puno.

Grabe...Hindi na ako nagtataka ngayon kung bakit sa t'wing hindi maganda ang lagay ng isip mo ay dito mo gustong pumunta, Taguro. Naiintindihan na kita, babe.

Pero ang higit na nakaagaw sa atensyon ko ay ang napakalaking shrine. Nasa gitna iyon at siyang pinakasentro ng buong bayan na nasa harap ko.

"This place is called Empery of the Moon," ani More. Doon ko na siya nilingon. **"Yes, I am talking about the Moon family, our family."** Hindi

ko maintindihan kung bakit bigla akong kinilabutan. Nagawang iparamdam sa 'kin ni More nang harapan ang awtoridad at kapangyarihang meron ang apelyido nila.

Nakangiting tumingin sa 'kin si More saka humarap sa pinanggalingan namin. Gumaya ako sa kaniya at muling tinanaw ang dagat.

"Do you see those buildings?" tanong niya habang nakaturo sa kabilang dulo ng dagat. **"Iyon ang tinatawag na Monarchy. Nandoon ang royal family, ang hari at reyna ng bansang ito."**

Ngumiti siya sa 'kin nang bigyan ko siya nang namamanghang tingin. Bahagya siyang tumagilid at itinuro naman ang kanang bahagi ng dagat. Palibhasa'y hindi ko nilingon ang gawing iyon kanina, hindi ko napansing may mga nakatayong gusali rin do'n.

"Iyon naman ang Mogul Dynasty," patuloy niya. Namangha na naman ako. **"Ang buong village na iyon ay puro magkakamag-anak lang ang nakatira. Sila ang business ruler sa buong bansa."**

"Whew," napasipol ako. Wala akong masabi.

"Iyon naman ang tinatawag na Kaechon." Itinuro ni More ang kaliwang bahagi ng dagat. Halos wala akong matanaw ro'n bukod sa bundok na may katamtamang taas. At sa pinakatuktok ay naro'n ang isang mataas at mahaba na tower, at napalilibutan iyon ng berdeng mga puno.

"Eh, kayo?" wala sa sariling tanong matapos siyang lingunin.

Hindi niya inaasahan ang tanong ko kaya naman gulat siyang napalingon sa 'kin. Sandali siyang tumitig bago natawa.

"Emperyo," tugon niya.

Kumunot ang noo ko. **"Emperyo? I don't get it,"** napapahiyang sabi ko saka muling nilingon ang tatlong lugar na sinabi niya. **"Pakiramdam ko kasi lahat ng lugar na binanggit mo ay pare-pareho lang. Maliban do'n sa Kaechon."** Nilingon ko pa ang tower bago nagpatuloy, **"Pero kayo,"** tiningnan ko siya ng deretso. **"Nasa inyo ang interes ko, tito."**

"Nasa amin ang mga rango ng bansa," nakangiti pa ring sagot niya. **"At si Maxpein ang pinakamataas sa mga iyon."**

Napalunok ako. **"Pinakamataas?"**

Nakangiti siyang tumango. **"She's the highest empery rank."**

"Rank?"

"Sila ang mga rango."

"Rango? Ano 'yon?"

Natawa siya sa hindi ko maintindihang dahilan. **"Hayaan mong ipakita ko sa 'yo,"** aniya na muling hinarap ang lugar nila at naunang maglakad.

Muling dumagundong ang kaba sa dibdib ko. Dahil ang sumunod na hakbang ay napasok na namin ang emperyong tinutukoy ni More. Ang emperyo ng mga Moon.

Gusto kong tumiklop matapos makita kung gaano karaming tao ang bumungad sa 'kin. Isa-isa naming naagaw ang atensyon ng lahat. Isa-isa rin iyong nagsipagtunguhan matapos kaming tingnan. At nang mag-angat silang muli ng tingin sa 'min ay hindi na nila magawang alisin ang paningin sa 'kin.

Hindi ko na naman maipaliwanag ang pakiramdam. Halos lahat ng nakikita ko ay babae!

What is this place?

Kusang nagsipaghintuan ang lahat sa ginagawa para tingnan kami...ako! Ang tingin ng mga babaeng ito ay malayo ro'n sa paraan nang pagkakatitig ng mga babaeng may gusto o paghanga sa 'kin. Lahat ng mga ito ay kunot-noong tinanaw ako. Ang mga mata nila ay nagtatanong kung sino ako at anong karapatan ang meron ako para tumungtong sa lugar na 'to. Nakakapraning ang tingin ng mga tao.

At nasisiguro kong hindi basta-basta ang mga babaeng ito. Sa suot at mga gamit pa lang na nasa katawan nila ay parang nakikita ko na ang kakayahan nila. Halos pare-pareho ang mga suot nila bagaman may pinagkaiba-iba ang mga kulay. Nagkapare-pareho sila dahil sa leather pants, leather over-the-knee boots, makapal at may hood na coat bilang pantaas, at ang nakakapangilabot na bow and arrow na nakasabit sa kanilang mga likod.

Napalunok ako at mabilis na inalis ang paningin sa mga babaeng nakatingin sa 'kin.

Masamang tumingin si Taguro, pero hindi ganoon sa mga babaeng ito. Maangas 'yong dating ng tingin niya, nakakainis pero sa huli ay 'yon ang isa sa mga nagustuhan ko. Ang masamang tingin ng mga ito ay nakakatakot. Para bang may masamang gagawin sa 'kin.

Tch!

Itinuon ko sa bungad ng shrine ang paningin ko, may kalayuan iyon mula torii na pinanggalingan namin. Pero gano'n na lang ulit ang gulat ko nang sunod-sunod na magsipaglabasan ang tila mga lalaking bersyon ng mga babaeng nakasalubong namin! At mas nagulat ako nang magsipagbunutan ng bow at arrow ang mga iyon at itutok sa gawi namin ni More! Napahinto

na ako sa paglalakad nang kumilos na rin ang mga babae at nagsipagbunutan ng bow at arrow. Naitaas ko ang pareho kong kamay nang itutok ng lahat iyon sa akin.

Fuck... **"M-More..."** bulong ko. Hindi ko magawang lingunin ang gawi niya dahil ang paningin ko ay iniisa-isa na ang mga pana na nakatutok sa akin.

Ngunit nang wala akong marinig na tinig mula sa kaniya ay saka ko siya nilingon. Gano'n kabilis ang naging pagkilos ng mga babae sa kaisa-isang galaw na ginawa ko. Mas lumapit sila at halos iduldol ang dulo ng pana sa leeg ko. Pero ang atensyon ko ay na kay More lang. Kung paano siyang tumitig lang sa akin.

Wala ba siyang gagawin?

"Geuman," tinig ni More. May iba pa siyang sinabi gamit ang sariling lenggwahe, hindi ko na iyon naintindihan.

Makapangyarihang talaga ang tinig niya. Gano'n kabilis na ibinaba ng mga iyon ang pana na nakatutok sa 'kin.

Nahugot ko ang hininga, at napapakurap kong nilingon si More. Binigyan ko siya ng nagtatanong na tingin ngunit nanatili siyang kampanteng nakatingin sa 'kin. Walang mabasang emosyon sa mukha niya.

"Sila ang mga rango, Deib Lohr," seryosong ani More. **"Lahat ng nakikita mo ngayon ay mga rango."** Iginala ko ang paningin sa lahat nang naro'n.

Nanlumo ako at pinanghinaan ng tuhod. *Sa ganitong paraan niya ipinakita sa 'kin kung ano ang rango? Tch.* Gano'n na lang katindi ang sarkasmo sa isip ko.

"Ito ang mundo namin, Deib Lohr," pormal na aniya. Nagsipaglingunan ang lahat sa kaniya saka muling tumingin sa 'kin. **"Malalaman mo kung anong klase ng tao ang babaeng minahal mo."**

Nagtindigan ang mga balahibo ko. Napatitig ako sa kaniya, at hindi ko maipaliwanag ang mabilis na pangingilid ng mga luha ko. Gusto kong itanong kung ano ang ibig niyang sabihin, pero hindi ko iyon nagawa.

Naglakad siya papalapit at iminuwestra sa 'kin ang daan papasok. Hindi ko nagawang alisin agad ang paningin sa kaniya. Naglakad ako nang nakatingin sa kaniya. Tingin na nangunguwestyon. Pero ang bibig ko ay ni hindi ko man lang maibuka.

Humugot ako nang pagkalalim-lalim na hininga. Nagawa ko lang alisin ang paningin sa kaniya nang tuluyan kaming makapasok sa bakuran ng

malaking shrine. Gano'n pa rin karami ang nang-aakit na puno't mga halaman. Napakasarap sa pakiramdam ng hangin, ng paligid. Lahat ay masarap sa pakiramdam.

Pinagbuksan kami ng dalawang lalaking kakaiba ang suot, naaayon sa kultura at lahi nila. Pawang mga nakataas ang noo, hindi nagbababa ng tingin sa 'min pero iyon mismo ang respeto.

Isang malaking bulwagan ang tumambad sa 'kin. Mula sa kinatatayuan ko ay kitang-kita ko ang malaking portrait ni Chairman Moon. Sa tabi niyon ay portrait naman ng ginang, at hindi na ako magtataka kung iyon ang asawa ng Chairman. Sa ilalim niyon ay panibagong portrait, buong pamilya na nila ang naro'n. Sa ilang dipang layo ko sa litrato ay hindi ko na kailangang itanong kung nasaan do'n si Taguro. Kusa siyang kinilala ng mga mata ko.

"Come in," ani More.

Tumuloy ako, doon ko tuluyang nakita ang kabuuan ng sala. Doon ko lang din nakita si Maxwell na prenteng-prente sa pagkakaupo sa single sofa na napakalaki para sa kaniya. Pantay na pantay ang mga balikat niyang nakasandal. Nakapandekwatrong pambabae at may hawak na dyaryo. Nakasuot siya ng itim na slacks, kulay abo ang pormal niyang sapatos at polo, saka itim at pormal din na chaleco. Noon ko lang yata siya nakitang nakasuot ng reading glasses.

Nag-angat siya ng tingin at nagulat nang makita ako. Sandali siyang napatitig sa 'kin saka nagtatanong na sinulyapan ang ama. Kumunot ang noo niya, bahagya pang napailing gamit ang nangunguwestiyon na tingin. Lahat 'yon ay ginawa niya nang hindi nagbabago ang porma, nananatiling nakaupo at pantay ang mga balikat.

"Long time no see, Maxwell," binasag ko ang nakakakabang katahimikan. **"Kumusta?"** Tiningnan ako ni Maxwell nang hindi iginagalaw ang ulo. Napakawalan ko ang naipong hangin sa dibdib ko.

Humugot si Maxwell nang malalim na hininga saka nakatingala at nakapikit na pinakawalan 'yon. Nakataas ang kilay niya habang nakatingin sa 'kin, gano'n niya itinupi ang dyaryong hawak. Saka siya tumayo. Sa magkakapatid siya talaga ang pinakapinong kumilos. Kakaiba.

Namulsa si Maxwell at humakbang papalapit sa 'min. Pinagkrus niya ang mga braso saka deretsong tumingin sa 'kin. **"What are you doing here?"** Hindi ko inaasahan ang tanong niya.

Ang inaasahan ko ay kukumustahin niya ako. Kung gaano katagal kong hindi nakita si Taguro ay gano'n katagal din kaming hindi nagkausap.

Bukod do'n ay naninibago ako sa kilos at pakikitungo niya. Hindi ko maiwasang maalala kung paano niya akong kausapin no'ng huling magkasama kami sa ospital.

Galit ba siya sa 'kin? Gusto kong itanong 'yon pero hindi ko rin nagawa. Pakiramdam ko kasi ay pipilosopohin niya lang ako ng sagot. May karapatan siyang magalit dahil sa nangyari.

Tumikhim ako at inalis ang laman ng isip ko. **"Pinuntahan ko si Maxpein,"** halos mautal na sagot ko. **"Kumusta siya?"**

Matagal na tumitig si Maxwell sa 'kin saka ngumisi nang nakakaloko. **"Bakit hindi mo kumustahin ang puso mo?"**

"Maxwell," pagtawag ni More sa nananaway na tono.

Hindi ko maipaliwanag ang kilabot na tumulay sa lahat ng ugat ng katawan ko. Lahat 'yon ay dumeretso at pinakabog sa kaba ang dibdib ko. May kung anong katotohanan sa pinakasulok ng isip na ko na pilit kong itinatago. At pilit din iyong inilalabas sa 'kin ng reyalidad. Hindi ko matanggap.

~ To Be Continued. . . ~

3e_7~

OceanofPDF.com

CHAPTER 230 : THE FINAL TRUTH

CHAPTER 230 : THE FINAL TRUTH
DEIB LOHR'S POV

"WHAT DO you mean?" Hindi ko napigilang ipakita sa kaniya ang umusbong na galit ko. **"I have no time for jokes, Maxwell. Where is Maxpein? Please tell me!"** Kung wala akong karapatang pagtaasan siya ng boses, wala rin akong pakialam.

Pero dahil siya si Maxwell Laurent del Valle-Moon, hindi siya nasindak do'n. Ni hindi siya kumurap, nanatili siyang nakatingin sa 'kin. Sa halip ay ako ang nasindak nang mawala ang nakakalokong ngisi sa kaniyang mukha.

"She's in Kaechon," sagot niya saka mabilis na tinalikuran ako.

Namuo ang luha sa mga mata ko. Matinding pagpipigil ang ginawa ko para hindi iyon tumulo. Dahil sa sandaling iyon, wala ako sa teritoryo ko. Hindi ako pwedeng maging mahina. Dahil wala ako ni isang kapamilya na sasalo sa kahinaan ko. Wala si Taguro na hindi papayag na manghina ako. Walang iintindi sa sitwasyon ko.

Tama ang pakiramdam ko. Galit si Maxwell sa 'kin, hindi ko na kailangang kuwestiyonin 'yon.

Kaechon...

Isa 'yon sa tatlong lugar na binanggit ni More kanina. Ang hindi nabanggit ni More ay kung ano ang meron sa lugar na 'yon.

Agad ko siyang nilingon. **"What is that place, tito?"** kunot-noong tanong ko.

Bumuntong-hininga siya. **"Iyon ang palasyo ng parliyamento. Doon dinadala ang mga taong nagkakasala sa bansang ito."**

Nanlaki ang mga mata ko. **"What?"**

Tumango siya. **"Isa sa mga pangunahing batas ng mga rango ang sinuway ni Maxpein, Deib Lohr."** Lumunok siya. **"Kahit gaano pa kalalim ang dahilan, wala silang karapatang kumitil ng buhay."**

Napamaang ako. Hindi kapani-paniwala, hindi makatarungan. **"Hindi ko maintindihan,"** napapailing kong sabi. **"Bakit gano'n? Hindi patas 'yon."**

"Sa parte namin na may ganoong klase ng batas, hindi talaga patas." Mapait ang ngiti ni More. **"Hindi madaling intindihin. Pero isa 'yon sa mga sinumpaan ni Maxpein bilang isang rango, Deib Lohr. Siya ang may abilidad, siya ang may kakayahang gawin lahat. Hindi mahirap para sa kaniyang kumitil ng buhay. Naging mahirap lang 'yon dahil sa batas na meron kami. Dahil kamatayan ang kapalit kapag ang isa ay nakapatay."**

"Bakit nga gano'n?"

"They are trained to protect their families, the country. Maxpein is trained, Deib Lohr. Matinding proseso ang pinagdaanan niya," mariing aniya, nagpapaintindi. **"Naging mahusay siya, mabilis, matalino, pinakamagaling..."** Hindi niya maitago ang paghanga sa anak. **"Ang taong may potensyal, abilidad at lakas...sila iyong may kakayahang gumawa ng iba't ibang bagay. Kaya binuo ang gano'ng batas, para mahirapan silang pumatay. Para hindi maging gano'n kadali para sa kanilang patayin ang mga taong makakabangga nila. Dahil sa bansang ito, hindi dahil kaya mo ay gagawin mo. Hindi dahil pwede ay kailangang gawing posible. Ang salitang pwede at dapat ay magkaiba, Deib Lohr."**

Napakalalim ng ibig niyang sabihin. Nakikita ko ang tama. Nakikita ko rin ang kagustuhan niyang ipaintindi ang mga iyon sa 'kin. Pero sa isip ko ay wala pa rin akong naiintindihan.

"Sa bansang ito, lahat ng masasamang bagay ay madaling gawin. Ang mahirap ay ang parusang kakaharapin."

Nanlumo ako. Pakiramdam ko ay nasabi niya nang lahat pero hindi ko pa rin maintindihan. **"Wala akong maintindihan, tito."** Nagbaba ako ng tingin, hindi ko kayang ipakita sa kaniya ang pagiging emosyonal ko.

"Wala nga ba?" tanong niya dahilan para awtomatiko akong mag-angat ng tingin. Seryoso si More. **"Wala ka nga bang maintindihan o pilit mong hindi iniintindi ang dahilan dahil hindi iyon angkop sa 'yong nararamdaman? Hindi mo nga ba naiintindihan o sadyang ayaw mo lang tanggapin ang katotohanan?"**

Namapaang ako sa pagkapahiya. **"I'm sorry, tito,"** mabilis na naman akong pinangiliran ng luha.

"Naiintindihan kita. Dahil kung mahirap ito sa 'yo ay higit na sa akin bilang ama. Pero kung walang batas, at lahat ay magiging malayang gawin ang mga bagay na kaya nilang gawin, magiging

bayolente ang mga tao. Ano ang mangyayari sa bansang ito kung bayolente ang mga rango?"

Tama siya. Naiintindihan ko pero ayaw ko iyong intindihin. Dahil hindi pabor sa 'kin. Dahil hindi ko kayang tanggapin. Dahil ayaw kong maiwan. Dahil ayaw kong mawala si Taguro. Ayokong mawala sa 'kin si Taguro. Hindi ko kayang mawala sa 'kin si Maxpein.

Pinilit niyang ngumiti. **"Hindi magbabago ang batas namin dahil ipinatupad iyon para hindi maging madali sa 'ming gumawa ng mga bagay na kahit saang parte ng mundo ay ipinagbabawal. Kahit pa may malalalim na dahilan ang mga iyan, Deib Lohr."** Humugot siya nang malalim na hininga. **"It is forbidden to kill. There is no honour in killing. And in this country, it's not about what you can do. It's not about having the skill and the ability to do something. It's not what you're capable of doing, Deib Lohr. It's about having the courage to stay committed and loyal with ethics. We have to do what is right and not what is easy."**

"Bakit kayo ganiyan?" napapailing kong tugon, hindi iniisip kung tama ba o akma. **"Ano ang mangyayari kay Maxpein?"**

Sumulyap na naman ang mapait niyang ngiti. **"We don't owe you an explanation."**

Humakbang siya papalapit, hindi ko na kaya pang mag-angat ng tingin. Ayaw kong ipakita ang pagiging mahina ko. Hindi ko inaasahang yayakapin ako ni More. Dahil sa sandaling iyon ay iyon mismo ang kailangan ko. Iyong taong magpapaintindi sa 'kin at iintindihin ako.

Sandali kaming nanatiling gano'n. Hindi nabawasan ang sakit, lalong hindi iyon nawala. Pero hindi na nadagdagan pa. Salamat kay More.

Matapos ang madamdaming sandaling iyon ay inihatid ako ni More sa guest room. Katabi mismo iyon ng kwarto na pag-aari raw ni Taguro. Gusto ko sanang pasukin ang kwarto niya. Sa kapraningan ko ay iniisip kong nando'n siya. Pero masyado iyong imposible. Bukod do'n ay nahihiya ako dahil pinagpapahinga ako ni More.

Malaki ang kwarto, kompleto ang gamit. Pero hindi ro'n natuon ang atensyon ko. Pagkasara ko ng pinto ay napako na sa malaking bintana ang paningin ko. Bintana na halos kasinlaki ko, may kurtinang kayang ibalot ang kabuuan ko.

Humakbang ako papalapit sa bintana at muling namangha. Mula ro'n ay natatanaw ko ang halos kalahati ng emperyo, maging ang dagat. 'Ayun na

naman 'yong nakakaakit nitong ganda, hindi ako pinahihinto sa katititig sa kaniya.

What should I do, Maxpein?

Sa pagtitig sa paligid ay naisip ko ang lahat ng napag-usapan namin. Naiintindihan ko ang mga punto, kahit gaano pa 'yon kalalim. Pero hindi ko pa rin kayang tanggapin. Masiyadong mahirap tanggapin. Kahit hindi pa nila sinasabi sa 'kin kung nasa anong sitwasyon si Taguro. Kahit pa hindi nila ako deretsahin na mamamatay si Taguro.

Hindi ko alam kung gaano katagal akong nanatiling nagmamasid sa paligid. Tumayo lang ako, tahimik na pinanood ang alon, ibon at mga puno. Habang nag-iisip sa kalagayan ko, at ni Taguro.

NAGISING AKO dahil sa sobrang lamig. Hindi ko namalayang nakatulog ako, sa ibabaw pa ng makapal na comforter. Hindi ko rin natatandaang nahiga ako sa kama, marahil ay dahil sa sobrang lutang. Pinagkiskis at hinipan ko ang mga palad ko habang nakaupo sa gilid ng kama. Maliwanag pa sa labas, papadilim pa lang.

Sandali akong naglibot sa kwarto. Kompleto ang gamit do'n, karamihan ay bago. Halos lahat yata ng damit at gamit ay pwede at kasya sa 'kin. Para bang inihanda nila ang kwartong 'yon para sa pagdating ko.

Pumili ako ng pwedeng isuot at saka naligo. Inayos ko ang sarili ko saka ako lumabas ng kwarto.

Noon ko lang napansin kung gaano kalawak ang hallway. Ang bawat pinto ng kwarto ay dalawang tao ang pagitan. Komportable sa paanan ang carpet na nakalatag. Maganda sa paningin ang dibisyong may kakayahang pagliwanagin ang daan.

Sa dulo ng hallway ay may terrace, hindi na ako pumunta ro'n. Dumeretso ako sa daan na pinasukan namin kanina ni More nang ihatid niya ako sa kwarto. Napako ang paningin ko sa malaking portrait nilang dalawa ni Maze. Seryosong-seryoso, pormal na pormal. Sa ilalim niyon ay ang makapanindig-balahibong espada na walang kasing kinang. Ngayon ay napapaisip ako kung sino ang may kakayahang gumamit niyon, si Maze o si More.

Bumaling ako kanan at namangha sa ganda ng kanilang bahay. Hindi halos iyon nalalayo sa magarbong mansyon ng mga Moon sa Pilipinas. Kung magarbo man iyon ay mas magarbo ito. Kahanga-hangang sa panahong ito ay gano'n kamoderno ang bahay nila. Kung titingnan kasi ang

shrine ay para bang makaluma, hindi ko inaasahang ganito sa loob. Palibhasa nga ay shrine, hindi ko rin inaasahang bahay ang loob.

Mabagal ang naging pagbaba ko. Bawat sulok kasi ng bahay ay tinitingnan ko. Hindi mahinto sa kalilibot ang mga mata ko, inaabot ng tingin ang lahat sa paligid.

Ngunit nang makababa ako sa huling baitang ng mataas at mahabang hagdan ay doon lang ako natigilan. Napatitig ako sa tatlong malalaking portrait na nasa loob mismo ng study, nakabukas ang pinto ro'n. Hindi ko man pasukin ay makikita ang bulto-bultong libro na maayos na nakasalansan sa mga shelf. May kadiliman ang kwarto pero malinaw na nakikita ng mga mata ko ang mukha ni Taguro.

Ang tatlong portrait ay sina Maxwell, Maxpein at Maxrill. Nakahilera at nakasabit ang mga iyon sa ibabaw ng chimineya. At sa ibabaw ng mga portrait ay ang makinang na emblem ng mga Moon. Ang simbolo na binibigyan ng isip ko ng kahulugan ngayon. Palibhasa'y ang portrait ni Taguro ang nasa gitna, naiisip kong baka siya rin iyong full moon sa simbolo ng mga Moon.

"What are you going to tell them?" Napalingon ako sa kung saan nanggaling ang mahina at tila galit na tinig ni Maxwell. **"He is not safe here, dad."**

"He is safe, Maxwell."

"Tsh. They don't know him."

Hindi ko man sila nakikita ay nakikinikinita ko na ang kanilang hitsura. Hindi ko man sila nakikita ay nasisiguro kong ako ang pinag-uusapan nila.

"They do," ani More. Hindi ko maintindihan kung bakit pinabilis ng dalawang salitang iyon ang tibok ng puso ko.

"What do you mean?" matagal bago nakasagot si Maxwell, parang nagulat pa.

Maging ang pagbuntong-hininga ni More ay dinig ko. **"Let's talk about it tomorrow when we get there."** Ang mga sumunod na sinabi niya ay hindi ko na naintindihan pa, gamit nila ang sariling wika.

"*Hyung*?" Napalingon ako sa hagdan nang mangibabaw ang pamilyar na tinig ni Maxrill. Tinig na nagtatanong, tinig na walang kasing kulit at tining. **"*Hyung*!"** Bagaman nagulat ay naro'n pa rin ang saya sa mukha niya matapos makumpirmang ako nga ito.

Sasalubungin ko na sana ang tumakbong si Maxrill nang lumabas mula sa study si More. Kasunod niya ay si Maxwell na masama na agad ang

tingin sa 'kin. Napabuntong-hininga na lang ako sa kaniya saka hinarap muli si Maxrill.

"What are you doing here, *Hyung*?" hindi maipaliwanag ang tuwa sa mukha niya. Hindi ko rin naiwasang matuwa, siya ang pinakamasayang makita ako. Hindi niya halos maitago ang sigla, masayang-masaya siya na makita ako. **"Are you here to play with me?"**

"I told you to stop playing, you're not a kid anymore," nananaway ang tinig ng masungit na si Maxwell. **"Grow up, Maxrill Moon."**

"Where have you been, Maxrill?" tanong ni More.

"Fishing!" masayang tugon ni Maxrill saka matuling tumakbo sa likuran ng hagdan. At pagbalik niya ay pare-pareho kaming nagulat sa malaki at kumakawag na isdang bitbit niya! **"*Oh, massinne*! *Massinne*! *Massinne*!"** Hindi pa man luto ay sinasabi niya nang masarap 'yon habang nakataas sa ere.

"Maxrill Moon!" saway muli ni Maxwell sinamaan ng tingin ang kapatid matapos sulyapan ang tubig na nagkandatulo-tulo sa carpet.

Ngumuso si Maxrill at itinago sa likuran niya ang isdang mas malaki pa sa kaniyang hita. **"*Abeoji,*"** pabulong na pagtawag niya sa ama, nagsusumbong.

Bumuntong-hininga si More, halatang pinagpapasensyahan lang ang pagiging isip-bata ng binatilyo at bunsong anak.

"We will cook it," ani More saka ako nilingon. **"I remember Deib Lohr is craving for seafoods. Wala kaming tahong sa ngayon, hayaan mo at ihahabilin ko."** Ngumiti siya saka inakbayan si Maxrill papalayo.

Nangunot ang noo ko at palihim akong napalunok. Kung alam lang sana ni More kung bakit ko nasabing gusto ko ng tahong nang sandaling iyon, baka palayasin niya ako ngayon.

Nawala ang isipin kong iyon nang tumikhim si Maxwell. Napaharap ako sa kaniya at 'ayun na naman 'yong masama niyang tingin. Magkakrus ang mga braso at bagot na bagot sa katititig sa 'kin.

"I know you don't want me here," nasabi ko na 'yon bago ko pa maisip. **"I'm sorry for what happened, for everything that happened, Maxwell. It's our family's fault, I'm really sorry,"** sinsero kong sabi.

Tumitig siya sa 'kin, nakakunot ang noo at masama ang tingin. Saka umiling nang umiling bago bumuntong-hininga. **"Whatever,"** ikinumpas niya ang kamay. Hindi ko alam kung ano ang magiging reaksyon ko. **"Gutom ka na ba?"**

Pinakiramdaman ko ang sarili ko. **"Hindi pa naman, wala akong gana."**

Ngumisi siya. **"Darating na sina mommy, sabay-sabay na tayong kumain. Sa ngayon ay hayaan mong i-tour kita sa buong emperyo."**

Nakangiti ako. **"Sige."**

Nanguna siyang lumabas. Sumunod naman ako. Mula sa bulsa ng polo ay hinugot niya ang itim na shades at isinuot iyon. Wala akong dala kahit na ano. Simpleng asul na polo at itim na slacks lang ang suot ko, gamit pa rin ang pormal kong sapatos.

Sa bungad ng shrine pa lang ay kakaiba na ang tensyon. Kakaiba talaga kung tumingin ang mga taga-ro'n. Ang mga lalaking rango ay mabilis na nagsipagkilusan papaharap sa 'min. Wala silang ginawang hakbang dahil marahil kay Maxwell na taas-noong naglakad sa gitna ng pathway. Lakad na pantay na pantay, iisang daan lang ang nilalakaran ng kaliwa't kanang paa.

"We grew up here," ani Maxwell nang makalabas kami sa bakuran ng shrine. **"Me, Maxpein and of course, Maxrill."**

Nakikinig ako sa kaniya pero ang paningin ko ay hindi mahinto sa paggala. Nasulyapan ko naman nang oras na 'yon ang mga babaeng rango. Gaya ng mga lalaki ay masasama pa rin ang tingin nila sa 'kin. Para bang handang-handa silang bunutin ang mga bagay sa kanilang likuran. Sa isang iglap ay posibleng tumarak sa 'kin ang isa sa mga pana.

"Don't mind them, just stay calm," ani Maxwell. Hindi niya naman ako nilingon pero nagawa niyang basahin at pakiramdaman ang kaba ko. **"They don't you yet, that's why they act like that. Oras na malaman nila kung ano ka kay Maxpein ay hindi nila magagawa maski ang tingnan ka."**

Napalunok ako. **"Bakit gano'n?"**

Nilingon niya 'ko. **"You mean, why are they like that?"** Tumango ako. Bumuntong-hininga siya, nagpatuloy sa mabagal na paglalakad. **"We don't accept guests or visitors; no one's allowed to enter North Korea. Maliban na lang kung gaya mong may pahintulot. Hindi sila sanay makakita ng taong hindi dito nakatira."**

Napangiwi ako. **"Hindi ko alam na may pahintulot pala ako."**

Tumango siya. **"Hindi pa inaanunsyo pero meron."** Bumuntong-hininga uli siya.

"Pilipino rin sila?" tanong ko. Sinulyapan ko ng tingin ang mga babaeng rango pero agad ko ring naibalik sa daan ang aking paningin. Hindi man lang nababawasan ang masasama nilang tingin.

"Hindi," bahagyang humalakhak si Maxwell. **"They're pure North Korean citizens. Mukha ba silang Pinoy? Tsh."**

"How about you and your family?" kunot-noong tanong ko.

Bumuga siya nang malalim na hininga matapos akong lingunin. **"Napakarami mong tanong."**

"Pasensya," napapahiya kong sagot.

"We're nationals of North Korea," nakangising sagot niya. **"With confidential multiple citizenship."**

Napalunok ako sabay tango. **"Astig. Posible pala 'yon."** Napailing ako. **"May mga nabasa ako sa internet tungkol sa bansa ninyo, hindi ko nabasa ang tungkol dito."**

Ngumiwi siya. **"Dahil wala namang makapagsusulat nang tama sa internet tungkol sa bansang ito. Maraming klase ng citizenship dito, at may batas din ang mga iyon."**

Tumingin ako sa kaniya, hindi malaman kung ngingiti. **"Pwede ko bang alamin kung ano-ano?"**

Matagal uli siyang tumitig sa 'kin. **"May right of blood, iyon ay kapag parehong North Korean nationals ang parents mo. Kung isa lang ang North Korean citizen sa parents, iba rin 'yon. Meron ding right of soil, iyon 'yong mga ipinanganganak sa border ng bansang ito. Ang nationality ng sanggol ay idedepende sa batas ng bansa. May naturalization pero mahabang proseso, kailangan mo ng pahintulot mula sa napakaraming mahahalagang tao. Sa kaso ng pamilya namin na may dual citizenship, kami iyong mga taong imposible."**

"Paanong imposible?"

Ngumisi siya. **"Imposibleng kwestyunin ang pagkatao."**

Kumunot ang noo ko. **"Hindi ko maintindihan. Nabasa ko kung gaano kahigpit ang bansang ito. Pero bakit parang parati na lang may exception pagdating sa pamilya ninyo?"**

Ngumisi siya. **"Dahil ang gobyerno mismo namin ang nagpapadala sa amin sa iba't ibang bansa."** Humugot siya nang malalim na hininga. **"North Korean nationals are not allowed to go outside of the country. Maliban na lang kung may malalim na dahilan, at syempre, pahintulot."**

"Kung gano'n ay may malalim kayong dahilan para pahintulutang makalabas ng bansa?"

Tumango siya. **"Exactly."**

"Ano namang dahilan 'yon?"

Sumeryoso siya. Sandaling tumitig sa 'kin bago nagsalita. **"We are deployed by the organization to discern and obtain information about our enemies and competitors."** Hindi ko nakuhang sumagot, masiyado akong nagulat. **"Bukod do'n ay may kailangan kaming ibalik dito na nandoon sa Pilipinas,"** seryoso niyang patuloy.

Hindi ko nagawang intindihin ang lahat ng sinabi niya. Natuon ang atensyon ko sa organisasyon na hindi ko malaman kung paanong nawala sa isip ko.

"Ang organisasyong binanggit mo," seryoso akong tumitig sa kaniya, bahagyang nakakunot ang noo. **"Anong organisasyon 'yon?"**

Ngumiti siya. **"You'll die if I tell you."**

Natigilan ako. Ang linyang iyon na inaakala kong pag-aari ni Taguro ay narinig ko sa unang pagkakataon mula kay Maxwell. Walang bakas ng pagbibiro sa mukha niya. Nakangiti man ay batid kong seryoso siya. Hindi ko nagawang magsalita.

"It is very confidential," mariin at nagpapaintindi ang tinig niya. **"Too confidential, you're not even allowed to ask."**

Nag-iwas ako ng tingin. Kung gano'n ay hindi pa rin pala sila makikilala nang lubusan. Ang kalahating parte ng utak ko ay sinasabing hindi iyon patas. Pero ang kalahati ay sinasabing kailangan ko iyong irespeto. Sa uri ng pagkatao nila, nasisiguro kong may batas na namang nakaangkop do'n.

"Kumusta ang puso mo?" tanong niya mayamaya. Batid kong iniiba niya na ang usapan. **"Ang dinig ko ay maganda ang naging performance mo para sa maayos na progress ng katawan mo. Bibihira 'yan."**

Nilingon ko siya saka matamang tiningnan. **"May nalalaman ka ba tungkol sa operasyon ko?"** kunot-noong tanong ko.

Humalakhak siya saka nakangiwing nagsalita. **"Kilala ko ang lahat ng doktor na humawak sa 'yo."**

"Eh, ang nagmamay-ari ng puso ko?" seryoso, salubong ang kilay na tanong ko.

"Hindi ba't si Taguro?" nakangisi niyang tanong.

Natigilan ako at kunot-noong tumitig sa kaniya. Natigilan siya sa paghakbang saka nakangiting lumingon sa 'kin. Nawala ang ngiti niya nang

makita kung gaano ako kaseryoso.

"Iyong nagmamay-ari sa puso na ipinalit sa dating puso ko ang tinutukoy ko, Maxwell," sumeryoso ako. **"Ang sabi mo ay nasa Kaechon si Maxpein?"** nagsisimulang tumaas ang boses ko.

Inosente siyang tumango saka humalakhak. **"I mean Maxpein owns your heart, not the other way around."**

"Sino ang heart donor ko, Maxwell?" Hindi ko magawang sakyan ang biro niya.

Nakita ko nang mabura ang ngisi sa kaniyang mukha saka sumeryoso. **"Si Lovemir."** Natigilan ako at kinilabutan. Bigla ay nagdilim ang paningin ko at wala na akong makita. **"Hey! Deib Lohr!"**

Naramdaman ko ang pagbagsak ko. Pakiramdam ko ay nakadilat ang aking mata pero wala na akong makita. Bukod sa purong itim na itim na sinakop ang lahat ng nakikita ng mata. Iyon na lang ang narinig ko mula sa kaniya, mula sa paligid. Bukod do'n ay wala na.

"What happened!" bumalik ang diwa ko nang marinig ang nakabibingi at pamilyar na tinig ni Maze. **"Deib Lohr!"**

Marahan akong nagmulat. **"Tita,"** nangingilalang pagtawag ko.

"Dahan-dahan, careful," aniya habang inaalalayan akong bumangon mula sa pagkakahiga sa sofa. Nandoon na sina More, Maxrill, Maxwell, Maze at Mokz. **"What happened, Maxwell?"**

"Tsh. Ewan ko diyan," tinapunan ako nang masamang tingin ni Maxwell. **"Kalalaking tao, hinihimatay."**

"Pambabae lang ba dapat 'yon?" nakangusong sagot ko sabay masahe sa sentido. Parang nanakit ang ulo ko. Yumukod ako sa mga tuhod ko at hinilot ang ibang parte ng ulo ko.

"Gutom ka na siguro? Baka nalipasan ka na," ani Maze. Bumuntong-hininga siya at tumayo. **"Halika, kumain ka,"** kunot-noong aniya. Sinamaan ng tingin ang anak saka ako inalalayan papunta sa kusina. **"Are you okay?"**

"Yes, tita, I'm fine," ngumiti ako. **"Nabigla lang siguro ang katawan ko."**

"Bakit kasi hindi ka nagpahinga?" nag-aalalang tanong niya saka muling binalingan ang anak. **"Bakit naman kasi dinala mo pa sa labas? He needs rest, Maxwell Laurent!"**

"Mom?" nakasukong angil ni Maxwell.

"What?" mataray na tanong ni Maze.

Gusto kong magtaka. No'ng huli kaming magkita-kita ay parang mas makapangyarihan si Maxwell sa ina. Ngayon ay naninibago na naman ako sa nasa harapan ko. Si Maze ang mas makapangyarihan, si Maxwell ang sunud-sunuran. Hindi pa man kasi siya nakapagsasalita, kumikilos na siya para hindi mabulyawan ng ina.

"Your fault," pabulong na singhal ni Maxwell sa likuran ko bago naupo sa huling silya sa hilera ko.

Tch.

Maaari ngang dahil lang sa gutom kaya nagkagano'n ang lagay ng katawan ko. Kung posibleng dahil sa sobrang pag-iisip ay baka isa na rin 'yon.

"*Noona, Noona, saranghe*." Kumakanta si Maxrill habang tinatanggalan ng balat ang manok na hawak. Inihihiwalay niya ang balat sa isang gilid ng plato at unang kinakain ang laman. **"*San-toki, toki-ya*! *Eodireul gahneunyah*? *Kkangchoong, kkangchoong dimyeonseo*. *Eodireul gahneunyah*? Hmm...Hmm..."** tatango-tango pa siyang nag-hum. Para talaga siyang bata. Pinanood niya si Maze na lagyan siya ng iba pang pagkain. **"*Sangogae gogaereul. Nahonja neomeoseo. Toshil-toshil albameul*! *Juweoseo oltaeyah! Noona, saranghannikka*!"**

"Shut up," asik ni Maxwell kay Maxrill na panay ang pagkanta habang hinihintay na pagsilbihan ng ina sa plato niya.

"Kumusta, hijo?" seryosong tanong ni Mokz.

"I'm good," mapakla ang ngiting sagot ko sabay buntong-hininga. Hindi ko alam kung tama bang isagot 'yon matapos mawalan ng malay.

"Sa tingin ko ay kailangan mong magpahinga nang maayos. Pasisindihan ko ang chimineya sa kwarto mo."

"Thank you, Mokz." Hindi ko magawang sabayan ang mood nila. Naaalala ko ang sinabi ni Maxwell. Si Lovemir ang heart donor ko.

How did that happened? Bakit hindi ko nalaman? Bakit hindi niya sinabi sa 'kin?

Gusto kong kilabutan, hanggang sa maramdaman ko nga 'yon. Napapikit ako kasabay nang paninindig ng aking mga balahibo. Hindi ko iyon kinaya. Naipatong ko ang pareho kong siko sa mesa saka naisubsob sa palad ang aking mukha. Panay ang pagsinghot ko at pagbuntong-hininga.

"Are you sure you're okay?" naniniguro ang tinig ni More.

Sandali pa akong nanatiling nakasubsob. Napapailing akong tumitig sa nakahatag sa mesa. **"I just can't believe it,"** nasabi ko sa hangin. Laman

iyon ng isip ko.

"You can't believe what?" tanong ni Maze.

Hindi ko nagawang mag-angat agad ng tingin. Kunot-noo akong tumitig sa hangin. Saka napapalunok na sumulyap kay Maxwell. **"Paanong nangyaring siya ang heart donor ko?"** salubong ang kilay kong tanong. **"Alam mo bang iniisip kong si Maxpein ang donor, at pilit ko na lang nilolоko ang sarili ko?"**

Nagkatinginan sina Maze, More at Mokz, hanggang sa lahat sila ay tumitig kay Maxwell. Tumikhim naman si Maxwell at saka tumingin sa 'kin.

"Lovemir is dying at that time, he cannot survive anymore. Siya mismo ang nagpresintang i-donate ang puso niya sa 'yo oras na mamatay siya." Seryoso si Maxwell. **"And it took us one week to process everything."** Ngumiwi siya. **"Ayaw niyang ipasabi pero kailangan mong malaman."**

Hindi ko na naman malaman kung ano ang mararamdaman ko. May kung ano sa dibdib ko na naghahalo-halo, at hindi ko iyon maipaliwanag. Kinakabahan ako sa nakakakiliting pakiramdam, napakawirdo. Napapraning ako.

"We're here already when he passed away," patuloy ni Maxwell. **"Si Heurt ang umasikaso sa labi niya at sa puso mo,"** tumingin pa siya sa dibdib ko, bahagyang nakangiwi.

Naisubsob ko na naman ang mukha ko sa sariling palad. Hindi talaga ako makapaniwala. Nakokonsensya ako na hindi ko maintindihan. Gusto kong humingi ng sorry kay Lovemir pero hindi ko matukoy kung para saan. Hindi ko rin alam kung paano ko siyang mapapasalamatan.

"Siniguro ni Maxpein sa 'kin na magiging maayos ang operasyon, ang progress ng paggaling mo, bago siya pumasok sa Kaechon. Damn, you're well loved."

"Tch." Hindi ko maipaliwanag ang pakiramdam. May kumikiliti sa 'kin pero wala akong ganang kilalanin 'yon. Bumabagsak ang mood ko.

Hindi na ako nakapagsalita pa. Nalulunod ako sa kaiisip. Ni hindi ko magawang pagtuunan ng pansin ang mga paningin nilang nakatuon lang sa 'kin. Basta na lang ako kumain, pinilit na ngumuya para 'wag na uling mapahiya.

Matapos ang tanghalian ay nagpaalam akong magpapahinga sa kwarto. Halata sa mga mukha nila ang matinding pag-aalala sa 'kin nang tumalikod

ako. Wala namang makapagpapagaan sa loob ko ngayon. Walang makapagpapabago sa kung ano ang tumatakbo sa isip ko, at sa kung ano ang nakapagpapakaba sa dibdib ko. Lahat ay hindi ko na mababago ngayon. Ang sitwasyon ngayon ang katotohanan.

Lumabas ako sa terrace ng kwartong iyon. Hinarap ko ang mamasa-masang hangin na ibunubuga ng langit at dagat. Panag paghugot nang malalim na hininga, at pagbuntong-hininga ang ginagawa ko. Paulit-ulit, hindi nagsasawa. Gano'n kalalim ang iniisip ko, gano'n kalalim ang nararamdaman ko.

"Your parents must be worried about you." Nagulat ako nang mangibabaw ang tinig ni Maxwell mula sa likuran. Nailingon ko siya at nakitang papalapit na sa gawi ko. **"Call them,"** aniya na iniaabot ang telepono sa 'kin.

Sinulyapan ko ang nakabukas na pinto. Hindi ko man lang naramdamang binuksan niya 'yon, lalo na ang pagpasok niya. Napabuntong-hininga na lang uli ako. Iyon yata ang pagkatao nilang hindi ko kailanman makakasanayan, ang kumilos nang hindi nararamdaman at hindi inaasahan.

"Thanks," iyon na lang ang nasabi ko.

Tumango siya at sumenyas na aalis na. Sinundan ko muna siya ng tingin at nang makaalis ay saka ako nagbaba ng tingin sa telepono. Hindi ko alam kung paano ko sasabihin sa parents ko na nasa ganitong sitwasyon kami ni Taguro. Ni hindi ako sigurado kung pwede ko bang sabihin sa kanila na sa North Korea at hindi sa South Korea nakatira ang mga Moon. Hindi ko alam kung may mga bagay ba ako tungkol dito na pwedeng ibahagi sa kanila.

Napabuntong-hininga na naman ako. Naisip kong hindi naman siguro ako hahayaang tumawag na lang ni Maxwell kung may mga bagay silang ayaw iparating sa iba bukod sa 'kin. Nasisiguro ko ring sasabihan niya ako sa mga bawal.

Si daddy ang tinawagan ko. Panigurado kasing iiyak si mommy kung siya ang kakausapin ko. **"Hi, dad,"** pilit ang siglang bati ko nang sagutin niya ang kabilang linya.

"Deib Lohr, son! Tinatawagan ka namin pero hindi ka sumasagot," hindi niya naitago ang saya. Napangiti ako. **"Ano, kumusta? Ano na ang nangyayari diyan?"** excited siya.

Napalunok ako. Napapailing na tumingin sa kung saan. *Paano ko ipapaliwanag sa kaniya ang lahat?* **"Kasama ko na ang mga Moon,"**

matagal bago ako nakasagot, nag-isip muna.

"Good to hear that, son. Makakahinga na kami nang maluwag. Ang mommy mo ay nag-alala sa 'yo."

"Pasensya na hindi ako nakatawag agad, dad."

"What happened to your cellphone, Deib Lohr? Ibang numero ang gamit mo."

Hindi ako nakapag-isip agad ng idadahilan. **"Nakitawag ako, dad. Don't worry, I'm safe here."**

"Kumusta si Maxi?"

Doon na ako napapikit. Mas lalong hindi ko alam kung paano iyong sasagutin. **"She's..."** Napalunok ako at hindi malaman ang sasabihin. **"She's fine,"** umaasa ring sagot ko. **"H-Hindi pa kami nagkikita, dad."**

"What? Bakit hindi pa?"

"May mga inaasikaso siya. Ayoko namang kulitin kung kailan ko siya makikita."

"Gano'n ba?" bumuntong-hininga si daddy. **"Sana ay magkita na kayo at makapag-usap."**

"Sana nga, dad."

"I hope you're fine, son."

"I am, dad. Please say hi to mom," tinanaw ko ang payapang dagat. **"I'll call you again tomorrow."**

"Okay, anak. Enjoy, okay? Be safe. I love you."

"Thanks, I love you, dad."

Hindi ko nagawang alisin agad ang paningin sa telepono. Matagal akong tumitig doon bago nag-iwas ng tingin. Doon ko natanawan ang Kaechon. Mula sa terasa ay natatanawan ko iyon at hindi ko maintindihan kung bakit kailangan kong kabahan. Kakaiba, at sadyang malayo ang hitsura ng lugar na 'yon kompara sa Mogul Dynasty at Monarchy na itinuro ni More. Kahit pa hindi ko man nakikita alinman sa tatlo.

Ang Monarchy ay matatanaw ang nagtataasang buildings. Ang Dynasty ay napapalibutan ng puno pero marami ring matataas na gusali. Samantalang ang Kaechon ay nakahiwalay. Sa unang tingin ay makikita na ang kaibahan. Nag-iisa ang tore, nasa tuktok ng bundok at napapalibutan ng mga puno. Walang buhay tingnan.

"Hello, Tob?" Natagpuan ko na lang ang sarili sa gano'ng sitwasyon matapos ang malalim na pag-iisip.

"'Dre!" masaya siyang marinig ako. **"Kumusta? Nakauwi ka na ba?"**

Malungkot akong tumitig sa dagat. **"I'm in North Korea, Tob."**

"Wait, what?" gulat na gulat siya. **"North Korea...'dre, what the hell are you doing there?"**

"Dito nakatira sila Taguro. Dito nakatira ang mga Moon."

Natahimik ang linya niya, naiintindihan ko ang gulat niya. **"Holy shit..."** naibulong niya. **"You're kidding me, 'dre."**

Umiling ako. **"Wala akong oras magbiro ngayon."** Humugot ako nang malalim na hininga. **"At ang ikinatatakot ko ay ang mangyayari kay Taguro."**

"Ano'ng mangyayari kay Max, 'dre?"

Umiling uli ako. **"Hindi ko alam. Sa ngayon ay hinihiling kong sana ay wala."**

"Putsa, hindi ako makapaniwala. I don't know what to say, 'dre."

Matagal na katahimkan ang nangibabaw sa pagitan namin. Hindi na rin nagtagal pa ang pag-uusap namin ni Tob. Nagpaalam ako sa kaniya at nangakong tatawag na lang ulit kapag may pagkakataon.

Sandali pa akong nanatili sa kwarto, sa terasa at nag-isip. Hapon na nang bumaba ako para hanapin si Maxwell. Ibabalik ko ang cellphone niya.

"Thank you, Maxwell." Natagpuan ko siya sa study. **"Sorry, busy ka yata,"** napapahiyang dagdag ko. Abala siya sa binabasa, halos isubsob na ang mukha.

"Nakausap mo na sila?" tanong niya nang hindi inaalis ang tingin sa libro.

"Si daddy, saka si Tob."

"Tsh." Doon siya nag-angat ng tingin. **"Ang sabi ko ay pamilya mo ang tawagan mo, bakit pati kaibigan mo ay tinawagan mo? Nakipagkwentuhan ka, 'no? Tsimoso ka talaga."** Umiling pa siya.

Kumunot ang noo ko. **"Pasensya na. Babayaran ko ang bill mo."**

"Tsh." Bigla siyang humalakhak. **"Biro 'yon, pinapatawa lang kita."** Umayos ang ngiti niya.

Napangiwi ako saka napilitang ngumiti. *Matatalino naman sila pero bakit parang hindi nila napag-aralan na ang joke ay dapat na nakakatawa? Tch.* **"Hindi ako masiyadong nakipagkwentuhan, hindi ko rin alam ang mga sasabihin."**

Bahagya siyang humalakhak saka isinenyas sa 'kin ang silya sa harap ng mesa niya. **"Have a seat."**

"Hindi na, busy ka yata."

"Ayos lang. Nagbabasa-basa lang ako."

Nahihiya man ay sumunod na lang ako. Nilingon ko ang ilan sa patong-patong na librong nasa harapan niya. Pamilyar sa 'kin ang ilan sa mga libro, meron din kasi si *Noona* ng mga iyon.

"Paano na nga pala ang pag-aaral ninyo?" nahihiya ring tanong ko.

Nakita ko siyang sumeryoso bago pilit na ngumiti. **"Pwede ko namang ipagpatuloy 'yon kapag maayos na ang lahat dito."** May isinulat siya sandali bago sumandal sa swivel chair. **"Sa America ako kukuha ng specialization. Doon na rin magpapatuloy ng high school si Maxrill hanggang makatapos siya ng college."**

Tumango ako. **"'Buti nakakapag-aral kayo sa labas ng bansa?"**

"Kailangan."

"Kasama rin sa batas?" sinikap kong 'wag maghimig sarkastiko.

"Wala sa batas ng bansa, pero nasa batas ng pamilya ko." Nagtingin-tingin siya sa libro. **"Kailangan naming magseryoso. Pero sa lagay ng pagiging isip-bata ni Maxrill ay nahihirapan kaming pare-pareho. Nag-aral siya sa South at bumalik nang isip-bata, umabot 'yon hanggang sa Pilipinas. Hindi na maganda. Sa edad niyang 'yan kailangang seryoso na siya."**

"Hindi na nga siya bata." Napalunok ako sa sarili kong sagot. Hanggang ngayon ay may mga oras na isip-bata pa rin ako, bagaman hindi sa lahat ng oras ay napapansin ko 'yon.

"Siya lang ang pinakamatagal na nag-mature sa 'min, tama naman sa buwan nang ipanganak," aniya na muling itinuon sa libro ang paningin. **"Pero pareho sila ni Maxpein na hindi malaman kung ano ang kursong gusto. Dapat ay sa business siya mapunta."** Bumuntong-hininga siya. **"'Yan ang isa pa sa mga aasikasuhin ko pagkarating namin sa America."**

"Eh, si Maxpein? Makapag-college pa kaya?" may kung anong kurot akong naramdaman sa dibdib ko nang itanong 'yon.

Mataman siyang tumitig sa 'kin saka bumuga nang malalim na hininga. **"I know you're thinking about Maxpein—"**

"Hindi siya nawala sa isip ko, kahit kailan," seryoso kong sinabi.

Muli siyang tumitig sa 'kin, hindi nagawang sumagot agad. Sinubukan niyang ituon muli sa libro ang atensyon pero mukhang nabigo siya. Bumuntong-hininga siya at sumandal.

"I'm sorry, Deib Lohr."

"For what?" kunot-noong tugon ko. Hindi siya sumagot. **"What are you sorry for, Maxwell?"**

Ipinatong niya ang parehong siko sa mesa saka ipinatong ang baba sa magkahawak niyang kamay. Tumitig siya sa 'kin nang deretso. Nababasa ko ang lungkot at pait sa mga mata niya. Pero pilit kong hindi pinagtutuunan ng pansin 'yon.

"Tomorrow is the last day of the discernment," mahinang aniya, pinapanood ang unang reaksyon na makikita sa 'kin.

Mabilis akong tumunghay papalapit, napapalunok na tumitig sa kaniya. **"Anong ibig mong sabihin? Nabanggit niya sa 'kin ang tungkol sa paglilitis, ano ang mangyayari kay Maxpein pagkatapos no'n?"**

"The reeves will decide."

"Reeves?"

"Sila ang hukom."

"What are the possible decisions?"

Umayos siya ng upo, iyong pantay na pantay na naman ang balikat, at hinarap ako. Tumitig na naman siya nang matagal sa 'kin saka umiling. **"Iisa lang naman ang desisyon, Deib Lohr."**

"Ano 'yon?" namamaos na tanong ko, naiipit ang boses ko. May kung anong bumabara sa lalamunan ko.

Mataman siyang tumitig sa 'kin. **"Death."**

"No." Nakangiti ngunit hindi makapaniwalang bulong ko. **"No. Para saan pa ang paglilitis kung iisa lang pala ang desisyon, Maxwell?"** Sa isip ko ay gusto kong isigaw sa kaniya, itanong kung bakit ganito ang klase ng batas na meron sila.

"Ang paglilitis ay hindi para pagdesisyunan kung mabubuhay o mamamatay ang nagkasala, Deib Lohr. Ang paglilitis ay para pakinggan ang parehong panig ng biktima at nagkasala. Pero ang desisyon ay iisa lang, kamatayan."

"Para saan nga ang paglilitis kung gano'n!" emosyonal nang singhal ko.

"Para timbangin sa kung anong paraan ka dapat mamatay. Iyong dahan-dahan o biglaan." Nakita ko ang paghihirap sa mga mata ni Maxwell habang sinasabi 'yon. Sa sandaling iyon ay gusto kong hugutin ang galit ko at damayan ang emosyon niya. Pero hindi ko nagawa. Dahil sa sandaling iyon ay may pang-intindi siya at ako ay wala.

Hindi ako nakatulog nang gabing 'yon. Pinilit akong kumain ng hapunan nina More pero panay lang ang pag-iling ko. Hinatiran ako ng pagkain ng kasambahay nila pero nilipasan lang iyon ng init.

Nanatili akong nakaupo sa kama at nakatanaw sa bintana. Nakatulala sa Kaechon kung nasaan si Taguro ngayon.

Hindi ko malaman kung ano ang mararamdaman ko. Wala na rin akong maisip. Maging ang mga luhang tumulo nang kusa sa mga mata ko ay hindi ko na namalayan. Sa sandaling iyon ay gusto kong humiwalay ang kaluluwa ko sa aking katawan. Gusto kong walang maramdaman.

Nasabi na yata nila ang lahat sa 'kin. Lahat ay nasa batas, at sinusunod nila 'yon. Magulo pero naiintindihan ko. Ang hindi ko maintindihan ay kung bakit at paano nilang natatanggap 'yon nang gano'n. Nagagawa nilang kumain at mamuhay nang normal na para bang maliit na bagay ang nangyayari. Iyon ang hindi ko maintindihan.

Gusto kong maawa kay Taguro nang dahil sa kung ano-anong naglalaro sa isip ko.

Dumaan ang oras nang gano'n lang ako. Ni hindi ko nagawang panoorin ang paglipas ng dilim. Namalayan ko na lang na umaga nang kumatok at pumasok si More sa kwarto.

"Please prepare yourself. We're leaving in an hour." Lumapit siya at may inilapag sa kama, sa likuran ko. **"You will wear this."**

Nilingon ko 'yon, suit. Saka ako nag-angat ng tingin sa kaniya. **"Thank you, tito."**

Tumitig siya sa 'kin at nangunot ang noo. **"Natulog ka ba?"**

Napailing ako saka nag-iwas ng tingin. **"Hindi ako nakatulog, tito."**

"What?" Lumapit siya at tumayo sa harap ko. **"What are you doing with your life, hijo?"** tanong niya matapos tumitig sa 'kin.

"I can't stop thinking about her, tito. I'm worried." Iyon pa lang ang nasasabi ko ay nagiging emosyonal na ako. **"Why does she have to die?"** Umiling ako nang umiling. **"Bakit ninyo hinahayaang magdesisyon sila tungkol sa buhay ng anak ninyo? Bakit, tito?"**

Nakita ko nang mangilid ang mga luha niya. Lumuhod siya sa harap ko at hinawakan ako sa magkabilang balikat.

"Ikaw na lang ang pag-asa ko, Deib Lohr," namamaos niyang sabi. **"Dinala kita rito dahil umaasa akong magbabago ang desisyon ng hukom para sa anak ko."**

"Nang dahil sa 'kin?" Hindi ko malaman kung matatawa ba ako.

"Nang dahil sa 'yo," seryosong aniya.

Nawala ang pagiging emosyonal ko. Natitigilan akong napatitig sa kaniya. **"Ako? Bakit...ako, tito?"**

Ngumiti siya saka tumayo. **"Kumilos ka na muna. Pupuntahan natin si Maxpein ngayon. Hindi tayo pwedeng mahuli."** Akma siyang aalis.

"Tito," pinigilan ko siya.

"Malalaman mo rin ang lahat, Deib Lohr. Hindi mo iyon maiintindihan kung ipapaliwanag ko ngayon. At hindi tayo pwedeng mahuli. Seryoso ako." Sinabi niya iyon nang nakatingin sa mga mata ko. Saka niya ako tinalikuran.

Napahakbang din ako at nasundan siya ng tingin. Hindi ko maintindihan ang ibig niyang sabihin.

Paanong nangyaring ako? Napalunok ako at muling napatitig sa pinto.

Nagmadaling akong kumilos. Siniguro kong hindi ako mahuhuli, ayokong makadagdag sa problema. At bukod do'n ay gano'n ako kasabik na makita si Taguro.

Pakiramdam ko ay isa na rin ako sa mga Moon nang masdan ko ang sarili sa salamin. Tanging balat ko ang iba sa kulay na nasa aking katawan ngayon. Maging ang polo sa loob ng suit ay itim, pati na ang tie. Ang relos, sunglasses at sapatos na kasama niyon nang ibigay ni More ay pulos mga itim din.

Sandali ko pang sinulyapan ang sarili ko sa salamin bago ako tuluyang lumabas. Handa na ang lahat nang makababa ako, hinihintay ako.

Nakangiti akong sinalubong ni Maze. **"You look good."** Lumapit siya para ayusin ang kwelyo ko.

Hindi ko magawang sumagot. Tumango lang ako at doon ko nagawang pagmasdan ang kabuuan niya. Nakausot siya ng itim, at makintab ang hapit niyang formal dress. Mataas ang heels ng sapatos niyang kulay itim din, maging ang salamin, hikaw, kwintas, singsing, bag, hanggang sa sombrerong suot niya ay itim. Lahat kami ay nakaitim.

Great... Hindi ko na naman maintindihan ang mararamdaman ko. *Anong klaseng huling paglilitis ba 'to? Eh, parang ngayon palang ay nagluluksa na kami. Tsk.*

Hindi ko naman magawang kwestiyonin ang panlasa nila sa pananamit. Naisip ko ring baka may batas din para sa pananamit. O baka naman talagang iyon ang tatak ng pamilya nila.

Namangha ako nang makita kung gaano kalinis ang buong emperyo nang makalabas kami ng shrine. Bukod sa 'min ay iilan-ilang lalaking rango lang yata ang nakikita ko. May ilan ding tauhan ng mga Moon na nag-aabang sa 'min mula sa harap ng chopper.

Hindi ko na iyon pinansin pa. Sumunod na lang ako sa kanila hanggang sa tuluyan kaming makasakay sa chopper. Wala ni isa sa 'ming nagsasalita, maliban kay Maxrill na bumubulong ng pambatang kanta sa isang tabi. Panay ang pagbabanggit sa *Noona* niya.

Ako naman ay naupo na lang sa tabi ng bintana at tinanaw ang Kaechon. Nasisiguro kong hindi magiging gano'n katagal para sa 'ming marating iyon. Magaling ang piloto ayon nga kay More bukod sa malapit lang 'yon para sa chopper.

Kinakabahan na ako mula pa nang umandar ang makina ng chopper hanggang sa makalipad kami. Kaya naman gano'n na lang ang ikinatindi ng kaba ko nang magsimulang lumapag ang chopper sa Kaechon.

"Are you okay?" tanong ni Maxwell.

Gulat akong napalingon sa kaniya. **"Yes."**

"Move."

"Ha?"

"You're blocking the god damn way, Deib Lohr. Relax." Sinabi niya iyon na para bang nandito lang kami para mag-picnic. Gano'n kasimple.

Samantalang ang kaba sa dibdib ko ay gano'n na lang katindi, nasa labas pa lang kami nito. Para bang puso ko na mismo ang bumabaklas sa buto ko, nagkukumawala sa sobrang takot.

Ano ba kasi ang lugar na 'to?

Kahit sinabi na ni More sa 'kin kung ano ang lugar na 'yon parang hindi ko maintindihan. Pinahihirapan akong mag-isip ng kaba ko.

"Are you alright?" nag-aalalang lumapit sa 'kin si More.

"Kinakabahan ako, tito," napapalunok kong sabi sabay tingin sa mga mata niya. **"Natatakot ako sa pwedeng mangyari kay Taguro."**

"Tumuloy na tayo." Humakbang siya papalapit at umakbay sa 'kin. Bagay na hindi ko inaasahan. Napatingala ako sa kaniya at aaminin kong bahagyang humupa ang kaba sa dibdib ko, agad-agad. **"Huwag mo na lamang pagtuunan ng pansin ang tingin na ipupukol ng mga tao sa iyo,"** pabulong na aniya. Hindi ko nagawang sumagot.

Kung ano ang dating ng Kaechon sa 'kin sa malayo ay gano'n din sa malapit. Hindi ko kinakikitaan ng buhay ang lugar. Kahit pa napakaraming

berdeng puno at halaman. Mataas ang lugar kaya naman matatanaw ang buong emperyo kapag tiningnan iyon mula rito. Gano'n kaganda ang lugar nina Taguro dahil sa iba't ibang kulay ng halaman at puno.

Hindi ko inaasahang napakalaki pala talaga ng Kaechon. Napakalaki at napakataas na gusali na kulay itim at berde ang kulay. Karapat-dapat ngang tawagin na palasyo.

Mataas ang gate niyon at napakaraming sundalong nakagwardya. Singkit ang may kabilugang mga mata, purong lahi nina Taguro ang mga 'yon sigurado ako. Agad nila kaming pinagbuksan ng gate, pero nang kami na ni More ang papasok ay pinigilan nila kami gamit ang naghahabaang armalite.

Nagsalita ang isa gamit ang sariling lenggwahe, hindi ko naintindihan. Kunot na kunot ang noo ng gwardiya at panay ang pagsulyap sa 'kin. Hindi ko man maintindihan, pakiramdam ko ay hindi sila pumapayag na patuluyin ako.

Nakangiting nagpaliwanag si More, sinang-ayunan siya ni Maze para mas makumbinsi ang gwardiya. Narinig kong nakiusap sa pagmamadali sina Maxwell at Mokz. Bilib talaga ako sa pagiging kalmado ng mga Moon. Kung iba ang nasa sitwasyong iyon ay baka naghurumentado na galit. Si Maxrill naman ay 'ayun, panay pa rin ang paghuni habang nakatingala sa kung saan-saan.

Hindi ko na maipaliwanag pa ang pakiramdam nang sa wakas ay makatulog kami. Kaliwa't kanan ang gwardiya. Napakaraming tao, lalaki at babae sa iba't ibang edad. Lahat ng iyon ay nasa amin ang paningin at atensyon, kami ang pinag-uusapan.

Nagbigay ng daan ang lahat hanggang sa tuluyan kaming makatuloy sa napakataas na pinto ng palasyo. Napakalamig na nga ng hangin ay mas lumamig pa nang makita kung gaano kalaki ang loob niyon. Walang sinabi ang mga hall na nakita ko sa Pilipinas. Sobrang laki!

Higit na mas marami ang tao sa loob. Hindi nalalayo ang hitsura ng mga 'yon sa mga bisita sa burol ni Chairman Moon. Mga nakapormal at sumisigaw ang matataas na antas sa buhay at lipunan. Ang mga mata nila ay sandaling matutuon sa bawat myembro ng Moon saka mapapako sa 'kin. Mga tingin na kinukuwestyon kung sino ako, ano ang ginagawa ko ro'n, kung paano akong nakatungtong doon, at kung ano ang pakinabang ko sa sandaling iyon.

"Sit down," inalalayan ako ni More paupo.

Nasa harapan kami ng malawak na bulwagan. Napakaraming silya sa paligid, mula sa baba paitaas, pero hindi ang lahat ng iyon ay napunan. Ang nakatawag sa pansin ko ay tila mababang entablado. May kung anong stand doon na gawa sa glass. Hindi ko makita ang laman dahil sa sobrang liwanag.

"The Moon family has arrived," mayamaya ay anunsyo ng tinig ng lalaki gamit ang kanilang lenggwahe, naintindihan ko iyon.

Nagsipagtayuan ang lahat, at kasabay ng mga iyon ay ang paninindig ng mga balahibo ko. Gano'n nila irespeto ang pamilyang nakapalibot sa tabi ko ngayon. Respetong hindi nila nakuha sa 'kin, at sa pamilya ko.

Napalingon ako kay Maxwell, hindi niya inaalis ang paningin sa harapan. Sinulyapan ko ang iba pa, walang lumilingon sa 'kin. Lahat sila ay pawang nakatuon ang tingin sa harapan kaya wala akong nagawa kundi ang gumaya na lang din. Pakiramdam ko ay may kung ano rin silang batas tungkol sa kilos, nakakapraning. Naiiwan ako sa ere kaya hindi ko alam ang gagawin ko.

Bahagya akong nagitla nang tumunog ang malakas na gong. Parang buong pwersang binambo para umugong ang buong palasyo. Awtomatikong nagsipagtayuan ang mga tao, sumunod ako.

Iyon na pala ang hudyat sa paglabas ng hukom. Mula sa itaas ay naagaw nila ang atensyon ko. Namamangha kong pinanood silang lumabas mula sa isang terasa at isa-isang maupo sa sentrong itaas ng palasyo. Sabay-sabay ring nagsipag-upuan ang lahat.

Matamang tinunghayan ng tatlong hukom ang mga taong naro'n. Pero ni isa sa kanila ay hindi lumingon sa gawi namin, sa gawi ko.

"All rise for the highest empery rank," muling anunsyo ng tinig ng lalaki.

Sa hindi malamang dahilan ay hindi ko nagawang kumilos agad. Mabilis na nagsipagtindigan ang mga balahibo ko nang magsipagtayuan ang mga tao, maging ang mga Moon at tanawin ang madilim at dulong gawi ng palasyo.

Napahawak ako sa armrest para matulungan ang sarili kong bumangon. Ang paningin ko ay natuon na sa paanan ni Taguro. Mula sa paa ay nagliwanag ang kabuuan niya nang tuluyang makalabas. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangan kong maging gano'n kaemosyonal.

"Taguro..." wala sa sariling naiusal ko.

Naramdaman ko nang hawakan ni Maze ang kamay ko. Pero hindi ko siya magawang lingunin. Hindi ko na maalis kay Taguro ang paningin ko. Hindi ko maipaliwanag ang mabilis na pagbabago sa hitsura niya. Nakikilala ko siya pero kapansin-pansin ang pagkakaiba.

Bumagsak nang husto ang timbang niya. Humaba ang buhok pero hapis ang mukha maging katawan niya. Para bang gano'n katindi ang hirap na pinagdaanan niya. Ang mga mata niya ay kulang sa pahinga, ang kulay ng mukha niya ay iba na. Nakakagulat. Nakakapagtaka.

Nagsipag-upuan na ang lahat, hindi ko pa rin nagawang sumabay. Kinailangan pa akong hilahin ni More papaupo. Mabuti na lang at naging mabilis siya, hindi ko naagaw ang atensyon ng karamihan. Hindi ko na talaga maalis kay Taguro ang paningin ko. Paulit-ulit kong tinitingnan ang bawat anggulo ng mukha niya. Naninibago ako. Malayo iyon sa Taguro na nakilala, nakaaway, nagustuhan at minahal ko. Ibang-iba.

"What happened to her?" mahinang tanong ko.

"You're not allowed to speak," mariing bulong ni Maxwell, hindi man lang ako nililingon.

Matinding katahimikan ang nangibabaw nang maupo si Taguro sa harapan ng lahat, sa mismong ilalim ng mga hukom.

Ngunit gano'n na lang ang gulat ko nang mula sa kaliwa ay lumabas sina Eerah Anitha, Cargosin at Taylor. Nanlalaki ang mga matang pinanood ko silang maupo. Pare-parehong malaya ang mga kamay at paa nila pero hindi nawawala ang mga gwardya sa kanilang likuran. At sa tingin ko ay hindi na kailangang bakuran pa sila, dahil sinuman ay hindi maiisipang tumakas dito. Sa lawak ng dagat ay wala nang ibang mapupuntahan pa.

Gusto kong tanungin kung ano ang ginagawa ng mga Rewis dito pero magiging insulto lang sa 'kin 'yon. Paniguradong sasagutin ako nang pabalang ng mga Moon. Alam ko ang mga nangyari kaya hindi ko na kailangan pang itanong kung bakit sila naro'n.

Pero mas matinding gulat ang naramdaman ko nang mula sa pinanggalingan ni Taguro ay lumabas ang bulto ng lolo ko. Si Chairman Enrile!

"Chairman..." wala sa sariling bulong ko. Napapalunok kong pinanood ang paglapit niya hanggang sa makaupo sa gawi malapit kay Taguro.

Hindi ko na matandaan pa kung ilang buwan kaming hindi nagkita. Pero wala akong matandaang umalis siya sa Pilipinas. Wala akong naririnig na

balita pero hindi ko naisip na posibleng sumama siya sa mga Moon. Naisip kong kaya pala hindi ko na siya nakita pa.

"What is he doing here?" tanong ko nang hindi inaalis sa lolo ko ang paningin.

"Watch and see," ani Maxwell.

Nagsimulang magsalita ang hukom ngunit alinman sa sinasabi nito ay hindi ko naintindihan. Hindi ko nagawang intindihin ang karamihan maliban sa mga numero. Hindi na ako magtataka kung ang mga batas na ang binabanggit nito, ipinapaalala sa publiko. Ang buong atensyon ko ay naro'n sa mga tao sa harapan, ang mga Rewis at si Chairman Enrile. Ipinagtataka kung bakit sila naro'n at kung ano-ano ang mangyayari.

Nangibabaw ang nakabibinging tunog sa pandinig ko. Hindi ko na malaman kung ano ang aking mararamdaman, kung ano ang iisipin ko. Nalilito ako at tila mababaliw na sa sandaling ito.

Pare-parehong nakababa ang tingin nina Taylor, Cargosin, Eerah Anitha. Si Chairman Enrile ay nakatingala lang sa kung saan. Habang si Taguro naman ay pantay na pantay ang mga balikat sa pagkakaupo, nakapako ang tingin sa kamay niyang naglalaro.

Mayamaya pa ay tumayo ang lalaking tagapag-anunsyo, isang *rango*, sa harapan. Hawak ang ilang pahina ng papel ay nagsimula itong magbasa nang pantay at pormal ang tindig. Napakarami nitong sinasabi at wala na lalo akong maintindihan. Pero base sa papalakas nang papalakas, at dumaraming ugong ng bulungan ay mukhang ang desisyon na ang binabasa nito. Kinabahan ako.

Nakita ko nang yumapos si Maze sa braso ni More. Si Maxwell naman ay kumuyom ang mga palad. Si Maxrill ay gano'n pa rin. Nakanguso, tumatagilid sa kaliwa't kanang gilid ang ulo na para bang pinag-aaralan ang nagsasalita sa harapan. Inosenteng-inosente, hindi tuloy malaman kung alam ba niya ang nangyayari.

Mayamaya ay muling umugong ang gong. Mas lumakas ang bulungan at nagsisimula nang umatungal sa pag-iyak ang ilan. Hindi ko pa rin maintindihan ang mga sinasabi sa harapan, at ang aking mararamdaman.

"For the murder of the sovereign ruler of the Empery, Chairman Jae Suk Moon, the defendants are sentenced to serve a lifetime imprisonment in the Kangdong Kyohwaso Camp located in Kangdong Pyongyang of the Democratic People's Republic of North Korea for his

natural life," anunsyo ng lalaki sa unahan. Inanunsyo iyon sa dalawang salita, sa lenggwahe nila at sa Ingles upang maintindihan ng lahat.

Natitigilan kong nilingon si Maze nang bigla ay umalulong siya sa pag-iyak. Pero naging mabilis ang pangyayari dahil muling nagsalita ang tagapag-anunsyo sa harapan.

"For the murder of Don Julio Jove Merra alias Chairman Rewis, the highest empery rank is sentenced to be put to death in the manner prescribed by the law of the Democratic People's Republic of North Korea for his natural life," muling anang tagapag-anunsyo. Na siyang naging hudyat ng pagkagulat, at mabilis na pag-alulong sa pag-iyak ng karamihan.

Napatitig ako sa lalaking iyon na nagsasalita, hindi makapaniwala. Hindi ko maintindihan ang mararamdaman. Parang hindi totoong nangyayari ang lahat sa harapan ko.

"For the murder of Armando Merra alias Christian Rewis, the highest empery rank is sentenced to be put to death in the manner prescribed by the law of the Democratic People's Republic of North Korea for his natural life," muling anunsyo ng lalaki, gumagaralgal ang tinig niya. Nang matapos siya ay emosyonal niyang nilingon si Taguro na hindi man lang nag-abalang tumingala sa kaniya.

"You are going to die Maxpein Zin del Valle-Moon," walang kasinlungkot ang tinig ng tagapag-anunsyo. Hindi kapani-paniwalang naghahalo ang gano'n katinding emosyon at respeto.

Nangingilid ang mga luha ni Taguro nang mag-angat ng tingin dito. **"I am not aiming to live forever."** I can't believe what I just heard. **"I am committed to the organization. You gave me the opportunity to serve, my significance matters to you, and you made me live with purpose. I may have failed, but my life is not wasted."**

Wala nang papakla pa sa ngiting iyon ni Taguro. Ang dating lakas at angas ay hindi ko maaninag sa kaniya. Nanghihina siya at pilit ipinapakitang malakas kahit walang-wala na.

"Babe..." bago ko pa napigilan ang sarili ko ay napatayo na ako at nasabi iyon nang buong puso.

Nakita ko nang matigilan si Taguro at dahan-dahang lumingon sa gawi ko. Hindi siya makapaniwalang tumitig sa 'kin. Kunot-noo naman akong tumitig sa kaniya. Gusto kong isumbat sa kaniya ang mga salitang binitiwan niya ngayon lang.

Ang isip ko ay nagtatanong kung paano siyang nakapagdesisyon ng gano'n. Nagtataka kung hindi ba niya naisip na pwedeng masaktan ako sa desisyon niya. Nagtatampo dahil ang desisyong iyon ay para lang sa kaniya, walang pakialam kung may maiwan siya at hindi na balikan pa.

"D-Deib..." hindi makapaniwalang bulalas ni Taguro. **"Anong ginagawa mo dito?"** bulong niya.

Batid kong gano'n na lang din ang pagtataka at gulat ng iba pang nakakakita sa 'kin ngayon. Pero sadyang wala akong pakialam sa mga iyon. Ang paningin ko ay hindi ko magawang alisin kay Taguro. At sa gilid ng isip ko ay nagpapasalamat akong ang mga Moon sa likuran ko ay hindi pinipigilan ang mga kilos ko.

"You...?" anang isa sa mga hukom, gamit ang kanilang lenggwahe.

"Deib Lohr..." dinig ko ang tinig ni Chairman Enrile pero hindi ko siya magawang lingunin.

Mabilis na nangilid ang mga luha sa mga mata ko. **"Ano ba 'ko sa 'yo?"** halos pumiyok na tanong ko habang nakatingin kay Taguro. **"Ha?"** agad na gumaralgal ang tinig ko. **"Paano ko?"**

"Anong pa'no ka?" matigas ang loob na tanong ni Taguro.

"Gano'n ba talaga kadali para sa 'yo?"

"Ang alin?" pilit niyang pinanlalamig ang sarili pero bigo siya.

"Ang iwan ako?" gano'n katindi ang pagpipigil ko ang emosyon. Lintik ang paghugot ko nang malalim na hininga, 'wag lang mag-unahan sa pagpatak ang mga luha.

Natigilan siya sa tanong ko at hindi nakapagsalita. Matagal siyang tumitig sa 'kin. Nakita ko siyang bumuntong-hininga bago nagsalita.

"Ganito ang batas namin, Deib Lohr. At hindi ko na inaasahang maiintindihan mo 'yon." Ipinagpilitan niyang pagmukhaing matigas ang sarili niya. Kahit na ang totoo ay sumisigaw ang mahinang parte ng pagkatao niya.

"Paano ako?" nagsisimula nang tumaas ang tinig ko. Pero ako rin ang bumawi sa galit ko, gusto kong magmakaawa. **"Ilang beses na akong naghintay sa 'yo. Hindi na mahirap para sa 'king maghintay ulit, Maxpein."** Ang mga luhang namuo sa mata ko ay pilit na pinanlalabo ang mga mata ko.

Nakita kong lumunok siya. **"Kailangan mo 'kong kalimutan, Deib. Ganitong buhay ang meron ako."**

Nangunot ang noo ko sa pagpipigil ng emosyon. **"Hindi kita kayang kalimutan, Taguro."** Isang salita pa ay papatak na ang luha ko. **"'Wag mo 'kong saktan nang ganito,"** handa nang lumuhod ang mga tuhod ko.

"Waiting and forgetting are both painful, Deib Lohr." Tumitig siya nang deretso sa mga mata ko. **"Let go. You don't have to cling to pain."**

"I can wait," nagsisimula nang magmakaawa ang tinig ko. **"I can go straight through suffering, I can wait, I can endure the pain, babe. Just please come back to me. Please."** Nakayuko akong lumuhod sa harapan niya.

"Pero hindi ko na kayang bumalik pa, Deib Lohr. Kahit gusto kong balikan ka ay hindi ko na 'yon magagawa pa," emosyonal niyang sabi, sadyang mas magaling lang talaga siyang magpigil ng luha. **"I'm sorry."**

"Babe..."

Tumayo ako at sumubok lumapit sa kaniya. Ngunit mas mabilis na kumilos ang mga lalaking *rango* para pigilan ako. Sa isang tingin ni Taguro ay binitiwan akong isa-isa ng mga ito.

Wala akong pakialam sa mga matang nakatuon sa 'min. Halos takbuhin ko ang palapag na kinaroroonan ni Taguro para makalapit. Pero mabilis siyang humakbang papalayo sa 'kin.

"Hanggang diyan ka na lang," pigil ang emosyong aniya. **"Kung may natitira ka pang respeto sa 'kin, hanggang diyan ka na lang."**

"Babe..." Humawak ako sa dibdib ko. Gusto kong dambain iyon para mahinto sa nararamdamang sakit.

"Hindi ko na kayang mangako at ngayon ko lang sasabihin sa iyong hindi na ako babalik. I'm really sorry." Nakita kong tumulo ang mga luha niya. **"Kung gusto mo 'kong maalala, balikan mo 'ko sa lugar kung saan tayo unang nagkita,"** dagdag niya saka ako tuluyang tinalikuran.

Sinundan ko siya ng tingin kahit nasasaktan. Wala siyang ideya kung gaano kasakit para sa 'kin ang bakod na inilalagay niya sa pagitan namin matapos ang matagal na hindi pagkikita. Wala siyang ideya kung gaano kalalim ang sugat na nagagawa ng mga salitang binibitiwan niya. Wala siyang ideya sa nararamdaman at mararamdaman ko pa.

~ To Be Continued. . . ~

OceanofPDF.com

CHAPTER 231 : TORMENT

DEIB LOHR'S POV

"DEIB LOHR," nangibabaw ang pamilyar na tinig ni Chairman Enrile.

Pero sa halip na lingunin siya ay mabilis kong tinalon ang mataas na bahagi ng hall na iyon kung nasaan si Taguro. Hindi ko nakasanayan ang gano'ng kilos pero nang sandaling iyon ay para bang napakadali sa 'king gawin 'yon. Sa mabilis na kilos ay nagawa kong padausdusin ang sarili ko papunta sa harapan ni Taguro. Nagawa kong higitan ang bilis niya, para lang mapigilan siya.

Pero gano'n na lang ang gulat naming pareho nang may lumipad na pana sa pagitan namin ni Taguro! Sabay namin iyong nilingon. Gano'n na lang ang galit sa mga mata ni Taguro nang igala niya ang paningin sa dagat ng tao. Itinutok niya ang paningin sa gitna na para bang nasiguro niya agad na nandoon ang pumana. Matagal siyang tumitig doon gamit ang masamang tingin. Na para bang nagagawa niyang sabihin sa pamamagitan ng tingin na iyon kung ano ang mangyayari sa gumawa niyon kung sakaling tinamaan ako. O maaaring hindi gano'n 'yon, posibleng sa sandaling iyon ay niloloko ko na lang ang sarili ko. Dahil ibang Taguro na ang nasa harap ko.

Sandaling katahimikan ang namagitan bago siya tumingin nang deretso sa mga mata ko. Pero hindi siya nagsalita. Matagal siyang tumitig sa 'kin na para bang nagagawa niyang basahin ang lahat ng nasa isip ko't damdamin.

Pinanood niya akong dahan-dahang bumaba sa mga paa ko.

Nakaluhod kong iniharang ang sarili ko sa daraanan ni Taguro. **"Babe..."** nakayuko kong sambit. **"You want someone who will stay beside you, no matter how hard it is to be with you."** Sinabi ko iyon habang inaalala kung paano niya iyong sinabi sa akin noon, nang nakatingin sa mga mata ko. **"Don't you want me to stay anymore?"**

Mabilis na nangunot ang noo niya sa pagkakatitig sa 'kin. Maging ang pagbilis ng kaniyang paghinga ay hindi nakatakas sa paningin ko. Sa gano'ng paraan siya nag-isip, hinihimay ang bawat salitang sinabi ko.

"Please tell me," patuloy ko.

"Enough," mahinang tugon niya, nakikiusap pero nahihirapan.

"I chose to stay beside you...no matter how hard it is to be with you. I'm staying. Maghihintay ako, Maxpein. And I don't care how long; I won't get tired of waiting. I promise I'll wait for you. Please promise me you'll be back."

"Deib Lohr..." gumagaralgal ang tinig niya.

Nanatili akong nakayuko, nakatitig sa mga tuhod niya. Nagpipigil ng mga luha at tinitiis ang sakit. **"Just...please come back to me, babe. Please."** Noon ko lang nasabi ang pakiusap na 'yon nang ganoon kasakit, kulang ang salitang pagmamakaawa.

Tumamlay ang mga mata niya. **"You don't really have to beg for me to stay,"** halos pabulong niyang sinabi. **"Alam mong hindi mo kailangang gawin 'yon dahil gagawin ko mismo 'yon para sa 'yo. Ikaw ang pinakamalaking dahilan sa lahat ng desisyon ko."** Mariin niyang sinabi ang huling salita, titig na titig sa mga mata ko. Titig na humuhukay sa buo kong pagkatao. **"Stop it, Deib Lohr,"** she sounded so hopeless, it hurts. **"Don't sacrifice your dignity for our destiny. I'm not sure anymore if I'll be worth it."**

I saw the sadness in her eyes. She's sad because I am sad. But I'm sure she could not think of anything that would take my pain away. And that in her mind, she's very sorry.

"Kailangan mong maintindihan na hindi na ako ang magdedesisyon ngayon, Deib Lohr." Alam kong pilit niyang pinagmumukhang matigas ang sarili. Pilit niyang hindi sinasabayan ang emosyong nararamdaman ko. Ayaw niyang ipakita sa 'king nahihirapan at nanghihina rin siya. Pero bigo siya dahil lahat 'yon ay nagawa niyang iparamdam sa 'kin. **"Kung mababago ng luha at pakiusap ang batas, marami nang nagkasala. 'Wag mo nang sayangin ang oras mo, walang makikinig sa 'yo rito, kahit na ako,"** naro'n ang lungkot sa tinig niya pero ang bawat salitang 'yon ay kumurot sa dibdib ko. **"Alam kong makakalimutan mo rin ako—"**

Natigilan siya sa sinasabi nang tingalain ko siya. **"So I'm in this alone?"**

Nakita ko ang paglunok niya. **"Yes, because I am leaving you. You're all alone now. You have to go on with your life like there was no Maxpein. Keep on going on like there is no Maxpein. Because there'll be no more Maxpein."** Sinabi niya iyon nang hirap na hirap sa pagpipigil, pilit na lang pinagmumukhang maangas ang sarili. **"This is your last**

separation from me, Deib Lohr." Minsan niya pa akong tiningnan sa mga mata bago ako tuluyang tinalikuran.

"Taguro..." Iyon na lang ang salitang lumabas sa bibig ko.

"Deib Lohr." Nangibabaw ang pagtawag ni Chairman. **"Come down here now."**

Hindi ko siya nagawang lingunin agad. Ang paningin ko ay napako sa pinto kung saan pumasok si Taguro. Sa daan na gano'n kadaling tinahak ni Taguro papalayo sa 'kin. Hindi ko nagawang alisin agad ang paningin ko sa dilim na 'yon kahit pa wala na akong maaninag na kahit na ano. Kahit pa nakasisiguro ako na sa sandaling iyon ay hindi na talaga ako babalikan pa ni Taguro.

Hindi ko malaman kung ano ang mararamdaman ko. Basta na lang nag-unahan sa pagtulo ang mga luha ko. Naging gano'n din kabilis ang mga kamay ko para pahirin 'yon. Ang isip ko ay hindi mahinto sa pagtatanong kung paano naging gano'n kadali para sa kaniyang iwan at talikuran ako. Nasasaktan ako, at hindi ko na 'yon masukat pa ngayon.

Dahil sa sandaling iyon ay ipinaramdam sa 'kin ni Taguro na hanggang doon na lang ang pag-asa ko.

"Deib Lohr," muling pagtawag ni Chairman. Batid kong nakalapit na siya sa 'kin.

Pinahid ko ang luha ko saka siya nilingon. **"Chairman,"** hindi ko magawang tagalan ang tingin niya.

Pinilit kong ngumiti para itago ang tunay kong nararamdaman. Ayaw ko 'yong ipakita. Pero agad na sumilip ang namumuong luha sa magkabilang gilid ng mga mata ko.

Naramdaman kong nakatitig siya sa 'kin. Pero hindi ko siya kaya pang lingunin. Naramdaman ko ang mas marami pang paningin na nakatuon sa 'kin. Pero ang mata ko ay walang ibang hinahanap at nakikita kung hindi si Taguro. Puro si Taguro. Lahat ay si Taguro.

Gusto ko siyang habulin. Hindi ko matanggap na hanggang doon lang ako. Pero hindi ko alam kung paano. Masyado akong naduduwag dahil pakiramdam ko, lahat ng kilos na gagawin ko ay maaapektuhan siya. Lalo siyang mahihirapan at mapaparusahan.

Nag-angat ako ng tingin nang magsalita ang isa sa mga hukom. Tiningala ko sila, at kahit pa gano'n kabigat ang tingin nila sa 'kin ay hindi nagbago ang nararamdaman ko. Ang siyang nasa unahan ay nagpatuloy sa

pagsasalita habang nakatingin sa 'kin. Batid kong sa tono ng pananalita niya ay nag-uutos siya.

Wala akong naintindihan sa mga sumunod pang sinabi nila, wala rin akong balak na intindihin ang anuman sa mga iyon. Naghahalo-halo ang nararamdaman ko. Kinakabahan ako, natatakot, nalulungkot, nasasaktan, at kung ano-ano pa.

Ngunit gano'n na lang ang gulat ko nang isa-isang magsipagluhuran sa isang tuhod ang mga naro'n. Mula sa mga tao sa itaas hanggang sa mga naro'n sa 'baba, ang lahat ay nagsipagyukuan sa 'kin. Nagugulat, nagtataka, nakamaang kong iginala sa lahat ang paningin ko. Bagaman nakatayo, maging ang mga hukom at pamilya ng Moon ay mababaw na tumango saka deretsong tumingin sa 'kin.

What the hell... Pakiramdam ko ay umurong ang mga luha ko, gano'n din kabilis na nagbago ang emosyon ko.

Nilingon ko si Chairman Enrile na noon ay kunot na kunot ang noo at nakatungo. Napapailing akong tumingin sa kaniya. **"What's going on?"** pabulong na tanong ko pero nando'n ang diin. **"Bakit nila ginawa 'yon, Chairman?"**

Hindi siya nagsalita kaya nilingon ko ang mga Moon. Walang mababasang emosyon sa kanila, ang natural na hitsura ng bawat miyembro ng kanilang pamilya. Lahat sila ay seryoso. At hindi ako makapaniwala sa nababasa ko sa kanilang mga mata. Kakila-kilabot ang paghanga na noon ko lang nakita.

"Ano ang nangyayari?" tanong ko na ang paningin ay hindi ko magawang alisin kay Maxwell. **"Maxwell!"** pasinghal kong tawag.

"Let's go outside." Sapilitan akong inakay ni Maxwell, ni hindi nagawang tumanggi ng katawan ko. Natuon sa kaniya ang nagtatanong kong tingin.

"What the hell is going on? What the hell was that, Maxwell?" gilalas ko nang makarating kami sa labas.

Humugot siya nang malalim na hininga. **"You are the scion of the ethnarch of justice, Deib Lohr."**

"What?" kunot-noong tugon ko, mataas ang tono at nagagalit sa napakaraming dahilan. **"What the hell are you talking about, Maxwell?"** Wala akong naintindihan maski isa sa salitang isinagot niya.

"Dati ring hukom ang lola mo." Tumingin siya nang deretso sa 'kin nang sabihin iyon. **"Ang bawat hukom ay may kani-kaniyang parte at**

trabaho. Your grandmother brought justice in this country." Napailing ako. **"Siya ang bumuo sa lahat ng batas dito sa Kaechon, at sa buong bansa. Siya ang dahilan kung bakit naging disiplinado kami dito."**

Matagal akong napatitig sa kaniya. **"No,"** pabulong na sabi ko mayamaya. Nakangiti ulit akong umiling. **"No. Of course not. You're kidding me."** Hindi ko iyon magawang paniwalaan.

Ngunit hindi siya natinag. Nanatiling nakatingin si Maxwell sa 'kin, ni hindi man lang nagbago ang blangkong emosyon sa mukha. Tiningnan niya ako na para bang wala siyang pakialam kung paniwalaan ko siya o hindi.

"You're kidding me, Maxwell. You're joking." Nagpanggap ako na totoong natatawa. Tinalikuran ko siya at nangingiti kong tinanaw ang dagat.

Sa sandaling iyon pakiramdam ko ay baliw na ako. Ang mga sinasabi niya ay hindi na kaya pang tunawin ng katawan ko. Hindi na kaya pang intindihin ng utak ko.

Nakangiti sa kabaliwan kong tinanaw ang payapang dagat. Sa isang iglap ay binalikan ko sa isip ang lahat ng iniwang alaala sa 'kin ni lola. Wala akong mahita sa nakaraan ko na may kinalaman sa sinasabi ni Maxwell ngayon. Dahil ang tanging malinaw sa utak ko ay kung gaano siya kabait na lola sa 'min, at kung paano niyang pinahalagahan ang mga halaman sa bakuran.

Ano bang ethnarch-ethnarch ang sinasabi niya? Natatawa akong umiling, nababaliw. *Ni minsan ay hindi ko narinig ang salitang 'yon mula sa lolo ko. At ni minsan ay hindi ko...*

Gusto kong sumigaw at magmura. Wala na akong maintindihan. Gulong-gulo ang utak ko!

Nilingon ko si Maxwell, wala talagang nagbago sa hitsura niya! Nagagawa niya akong tingnan nang deretso, patunay na ang mga sinabi niya ay totoo.

"Tinalikuran ng lola mo ang bansang ito para mailayo kayo sa ganitong klase ng buhay, Deib Lohr." May nababasa akong awa sa mga mata ni Maxwell, hindi ko lalo 'yon maintindihan. **"Ayaw niyang mahirapan si Dein Leigh. Dahil sa bansang ito, mas makapangyarihan ang mga babae. Ayaw niyang pagdaanan ng ate mo ang pinagdaanan ng babaeng kapatid ko."**

Pakiramdam ko ay sinasadya niyang gamitin ang mga salitang mas madali kong maiintindihan. Deretso niya iyong sinabi, bagay na hindi ko nakasanayan kay Maxwell. Nasanay ako na doble ang ibig sabihin ng bawat

salitang binibitiwan niya. Nasanay ako nang pinag-iisip niya ako sa mga sinasabi niya. Pero sa sandaling 'yon, sinabi niya nang deretso para 'wag na akong malito.

"Ginawa lahat ng lola mo para sa atin. Nagtagumpay siyang ilayo tayo rito. Binigyan niya tayo nang magandang buhay." Bigla ay nangibabaw ang tinig ni Chairman mula sa likuran ko. Napako ako sa kinatatayuan ko at lalong napatitig sa kung saan. **"Pero ako itong nagloko. Hindi ako nakontento sa lola mo."** Nando'n ang pagsisisi sa tinig niya pero binubuhay lamang no'n ang galit ko. **"Nang hindi na maganda ang takbo ng relasyon namin ay nagdesisyon siyang iwan sa 'kin ang pamilya namin."**

Unti-unti ay nilingon ko siya at pinukol nang masamang tingin. Ngunit hindi ko magawang magsalita. Nangingibabaw ang galit ko pero parang sasabog ang utak ko sa dami ng impormasyong nalalaman ko ngayon.

"Bumalik siya rito at ipinahayag ang kaniyang pagsisisi sa ginawang pagtalikod," umiiling at malungkot na ani Chairman. **"Pero pinarusahan siya."** Tumingin siya sa 'kin nang may pagsisisi. **"Kamatayan ang naging kaparusahan sa pagtalikod na ginawa niya."**

Napailing ako saka yumuko. Hindi ko alam kung paano ko pang naiintindihan ang mga sinasabi nila. Pakiramdm ko ay gusto ko na lang lumutang bigla. Gusto kong mawala sa sandaling 'yon. Gusto kong kalimutan lahat.

"Huli na nang mapagtanto ko ang halaga sa 'kin ng lola mo, Deib Lohr. Nagsisisi ako pero hindi ko na siya maibabalik pa." Umiiyak na nagpatuloy sa pagkukwento si Chairman. Pero hindi ko na siya magawang tingnan. **"Nalulon ako sa kung ano-anong masasamang bisyo. Hindi ko namalayang nauubos ko na ang yaman na pinaghirapan ko, maging ang mga iniwan sa 'kin ng lola mo."**

"What?" hindi makapaniwalang singhal ko sa kaniya. Noon ay pinanood ko si Chairman na dahan-dahang malugmok sa kaniyang tuhod. Umiiyak siyang tumingala sa 'kin at panay ang pagduyan sa sarili dahil sa pagsisisi. Pagsisising walang halaga sa 'kin sa sandaling iyon.

"Apat na taon pa lang ang nakakalipas nang makilala ko sa Spain si Fely, ang ina ng mga Rewis. Nakilala ko siya sa isang casino, at nakasama sa auction doon."

Kumuyom ang mga palad ko at umiiling akong nag-iwas ng tingin. Mabilis na nangilid ang mga luha ko pero pinipigilan ng galit ko ang

pagtulo ng mga iyon.

"Nagpakita siya sa 'kin ng interes," patuloy ni Chairman. **"Nang sandaling iyon ay naisip kong siya lang ang tanging makasasagot sa problema ko. Bumabagsak ang mga ari-arian natin, hindi ko pwedeng hayaan iyon. Kinailangan ko nang malaking kapital. Ginamit ko si Fely upang mabawi ang lahat nang nawala at nawawala na sa akin."**

Nasapo ko ang noo ko at doon ako naluha. Hindi ako makapaniwala.

"Ngunit nakarating sa asawa ni Fely ang relasyon namin. Nagalit si Chairman Rewis, at pinaaamin si Fely kung sino ang kaniyang karelasyon. Hiniling ko kay Fely nang sandaling iyon na huwag isuplong ang katauhan ko. Pero sa halip na gawin iyon ay naduwag siya at tumakbo sa Pilipinas. Sapilitan siyang nakikipagkita sa 'kin ngunit labag iyon sa kalooban ko."

Dagli ko siyang pinukol nang masamang tingin. **"Kayo ang dahilan nang pagsabog?"**

Hindi inaasahan ni Chairman ang tanong ko. Nanlalaki ang mga mata niyang napatitig sa 'kin. Sa ganoong paraan tumulo ang kaniyang mga luha. Ang pananahimik niya ang sumagot sa tanong ko.

"Napakahayop mo, Chairman," mahina ngunit mariing sabi ko. **"Ngayon ko lang napatunayang meron talagang demonyo sa mundo. Masakit nga lang dahil myembro pa ng pamilya ko."** Mabilis ko siyang tinalikuran.

Para akong bata na umiyak, kinukusot ang mga mata para mapawi ang luha. Humihikbi na parang isang babaeng mahina. Wala akong matakbuhan sa sandaling iyon, kundi ang chopper ng mga Moon. Mabilis akong naupo ro'n at yumuko sa mga tuhod ko. Doon ako umiyak nang umiyak.

Taguro...

Hindi nagtagal ay sumunod sa 'kin si Maxwell, kasama niya na ang iba pang myembro ng kaniyang pamilya. Ibinigay nila sa 'kin ang katahimikan. Muling umandar ang chopper pabalik sa Emperyo nang hindi nila ako kinikibo.

Panay ang tahimik na pagluha ko. Ni isa sa mga Moon ay hindi pinanood ang sakit na pinagdaraanan ko.

"You should take a rest," ani Mokz nang makabalik kami sa bahay nila. **"I know you're very tired."**

"What will happen to her?" tanong ko habang nakababa ang tingin.

Matunog ang naging buntong-hininga nila, lahat sila. **"Kung ano ang nararapat. Kung ano ang sinasabi ng batas,"** tugon ni Mokz. **"Kung ano ang desisyon ng hukom. Kung...ano ang mga narinig mo."**

Mamamatay si Taguro...

Muling tumulo ang mga luha ko. Nananakit na ang mga mata ko sa pag-iyak pero hindi 'yon mahinto, nagkukusa. Ilang beses na akong lumuha, pero sa buong buhay ko ay noon lang ako nakaramdaman nang napakatinding hapdi. Halos gusto ko nang sukuan maging ang pag-iyak, pero napakahirap niyong pigilan.

"Kailangan mo nang bumalik sa Pilipinas. Bukas na bukas ay ihahatid kita sa Seoul," ani More, nagulat ako. **"Hindi ka maaaring manatili nang mas matagal pa rito. Ihahatid na kita sa kwarto mo."**

Wala na akong nasabi, hindi na nila ako hinayaang magsalita pa. Inakay ako pabalik ni More sa kwarto at walang paliwanag na iniwan. Sa inasta niya ay alam kong masakit din para sa kaniya ang nangyayari. Pero ni isa sa 'min ay walang magawa.

Mabilis na dumaan ang sandali pero nananatili akong dilat. Mugtong-mugto na ang mga mata ko pero hindi na 'yon natuyo pa.

Naiisip ko si Taguro, hindi na yata talaga siya mawawala sa isip ko. Pero nang sandaling iyon ay nangibabaw sa isip ko ang mga sinabi ni Chairman. Ang mga katotohanang inamin niya na ayaw kong paniwalaan. Hinihiling kong sana ay hindi na lang totoo ang mga 'yon. Hinihiling kong sana ay hindi niya na lang sinabi sa 'kin lahat. Dahil mas gugustuhin kong magalit sa kaniya sa kaunting nalalaman ko kaysa kamuhian siya matapos malaman ang lahat.

Nang sandaling iyon ay pinutol ko na ang anumang kinalaman ko sa kaniya. Hindi ko na siya itinuturing pang kapamilya.

Hindi ko namalayan nang dumilim. Natinag ako nang may katulong na maghatid ng pagkain sa kwarto. Pero hindi ako makaramdam ng gutom. Nanatili akong nakaupo lang sa kama at nakatanaw sa madilim na langit. Wala na yata talaga ako sa sarili.

KINABUKASAN ay payapa akong nagising. Tumama ang paningin ko sa bintana, nakatulog ako nang nakatagilid. Ni hindi ko namalayang nakatulog ako. Natatandaan kong nagliwanag na uli, nananatili pa rin akong gising. Kaya naman hindi na ako nagtaka nang makita ko sa orasang hapon na.

Ilang beses akong bumuntong-hininga bago bumangon. Naupo ako, nilingon ang paligid ko. Walang nagbago. Tuluyan akong tumayo at pagharap ay gano'n na lang katindi ang gulat ko!

Ang tatlong hukom ay pawang nakaupo ngayon sa harapan ko.

Napapalunok akong tumingin sa kanilang tatlo, hindi ko malaman ang sasabihin. Gusto kong tanongin kung ano ang ginagawa nila ro'n pero hindi akmang tanungin ko sila nang gano'n. Panigurado naman kasing ako talaga ang pakay nila.

Sumubok akong magsalita ngunit agad din akong natigilan. Hindi ko alam kung paano kaming magkakaintindihan.

Nakakailang ang tahimik na sandaling iyon. Kung saan kama lang ang nasa pagitan ko at ng mga hukom. Lahat sila ay hindi mabasahan ng anumang emosyon sa mukha. Pawang mga nakatitig lang sa 'kin habang pantay na pantay sa pagkakaupo.

Pero parang naramdaman nina More at Mokz ang problema ko nang magkasunod silang pumasok sa kwarto. Napapailing akong tumingin sa kanila, bumuntong-hininga silang pareho bago sabay na tumango sa 'kin.

Nang ibalik ko ang paningin sa mga hukom ay muli akong napalunok. Hindi ko maintindihan kung bakit hindi nila inaalis ang tingin sa 'kin. Parang nawawala lang ako sa kanilang paningin sa t'wing kukurap.

"The reeves wants to talk to you," ni More. **"They want to see you before you leave."**

"Yes, tito," ang tanging naisagot ko. Naiilang ko pa ring sinulyapan iyong tatlong hukom. Lalo na iyong nasa gitna, siya ang may pinakamatalim na titig.

"Meron kami nitong...kung tawagin namin ay simbolo," marahang ani More, nagpapaliwanag, napapabuntong-hininga habang nagsasalita. **"And we have come to know that it is in your possession. We need it back, Deib Lohr."** Sinabi niya iyon na para bang iyon ang pinakaimportanteng bagay sa mundo.

"Simbolo?" nauutal kong tugon. Nasulyapan ko ang mga hukom na hindi nagbabago ang hitsura at postura. **"Anong simbolo?"**

"The nazi ring of justice. It's a family heirloom ring," ani Mokz. **"Ang bawat pamilya ng hukom ay may kani-kaniyang singsing na isinusuot ng mga lalaking myembro lamang. Ang simbolo ng hustisya ay pag-aari ng hukom na siya ring iyong lola. Ipinasuot niya iyon sa**

kaniyang esposo, ang inyong Chairman." Humugot siya nang malalim na hininga. **"Kailangang maibalik iyon sa mga hukom."**

Natigilan ako at sandaling nag-isip. Iisa lang ang singsing na naiisip ko, iyong ibinigay ni Chairman no'ng birthday ko.

"Isa iyon sa yaman at pag-aari ng bansang ito, Deib Lohr," ani More. **"Mahalaga iyon sa amin."**

Napalunok ako. **"Nasa akin nga, tito."**

Hindi na ako sinagot pa ni More. Sa halip ay kinausap niya ang mga hukom gamit ang sariling salita. Bigla ay nakahinga nang maluwag ang lahat. Hindi ako makapaniwalang noon lang inalis ng mga hukom ang tingin sa akin.

Pero natinag ako nang ang gitnang hukom ay maglahad ng kamay sa 'kin. Hinihingi ang bagay na hinahanap nila.

"We want it now, Deib Lohr." Isinatinig ni More ang aksyon na iyon ng hukom.

"But I..." Napailing ako. **"I don't have it with me right now, tito. Naiwan ko 'yon sa Seoul, sa mga gamit ko."**

Tumango si More. **"Ibibigay mo 'yon sa 'kin bukas pagkahatid ko sa 'yo."** Talagang pinaaalis niya na ako.

"Yes, tito," napapayukong sabi ko.

Sinulyapan ko si More nang bumulong siya sa isa sa mga hukom, tila sinasabi sa mga ito ang sinabi ko. Matapos ay biglang tumayo ang tatlong hukom, para bang narinig na nila ang pakay nila sa kwartong tinutuluyan ko. Iyon ang hudyat ng kanilang pag-alis.

"*Jamkammanyo,*" wala sa sariling sabi ko, nakikiusap na 'wag muna silang umalis. Limitado ang nalalaman ko sa salita nila bagaman marami akong naiintindihan. Pero ang salitang 'yon ay kusa na lang lumabas sa bibig ko.

Deretsong tumingin ang tatlong hukom sa 'kin. Tingin na nakakabutas ng paningin at pag-iisip. Nang sandaling magtama ang mga mata namin nang siyang nasa gitna ay parang hindi na 'ko makapag-isip bigla. Para bang hindi ko na malaman kung bakit ko sila pinigilang umalis.

"Do you need anything, Deib Lohr?" nakangiti ngunit alinlangang tanong ni More. Hindi ko siya nilingon. Ang mga mata ko ay tila ba napako sa hukom na siyang nasa gitna. May kung ano sa puso't isip ko na nagsasabing ito ang pinakamataas sa lahat.

Dahan-dahan akong lumuhod sa mga tuhod ko. Bagay na sabay-sabay nilang ikinagulat, hindi inaasahan. Nanatili akong nakatitig sa siyang nasa gitna. Ipinatong ko ang pareho kong kamay sa hita, panay ang pagkuskos ng mga iyon, hindi malaman kung paanong magsisimula. Bago pa man ako magsalita ay nag-unahan na ang aking mga luha.

Tumitig ako sa kanila. **"Do you own death?"** tanong ko, titig na titig sa nasa gitna. Nagugulat ako nitong tiningnan.

"Deib Lohr," hindi makapaniwalang bulong ni More. Sa tono niya ay gusto niyang ihinto ko ang aking ginagawa.

"Nobody owns death," umiiling kong sabi. **"Nobody owns life."**

Nakita ko nang manlisik ang paningin ng tatlong hukom. Para bang naintindihan nila ang mga sinasabi ko. Hindi ako makaramdam ng takot. Ang tanging nakikilala ko sa halo-halong pakiramdam sa katawan ko ay sakit at lungkot.

"Please let her live," pakiusap ko. **"She's the bravest girl I've ever known. And I'm sure she's going to have a great life. Please don't take her life away. We need her...the world needs someone like her."**

Ngunit nabigo ako nang asahan kong mababago ko maski ang masamang tingin sa 'kin ng hukom. Walang nagbago sa mga hitsura nila. Sa halip ay mabilis nila akong tinalikuran at walang alinlangang iniwan sa kwartong 'yon.

"Why did you do that?" nagugulat at nag-aalalang tanong ni More matapos mabilis na lumapit sa 'kin. **"Kahit na sino ay hindi maaaring magtanong sa mga hukom, Deib Lohr,"** mariing aniya. **"Kung hindi mo maintindihan ang batas naman, irespeto mo na lang."** Mabilis siyang tumayo at iniwan ako.

Ipinatong ko ang pareho kong braso sa tuhod saka yumuko at doon umiyak na parang bata. Nasasaktan ako sa dahilan na para bang wala na akong matatakbuhan. Wala na akong masasabihan ng tunay kong nararamdaman. Wala na akong Taguro na aasahan. Wala na.

I've never felt so hopeless than I am right now, babe. Why do you have to make me feel this way? How can you make me feel so hopeless while still hoping?

I let myself break down into tears and show all my emotions. I cannot keep it all inside me, I lost it. I know I'm not as strong as I should be, my imperfections' reached my limit. But what I don't understand about me is that no matter how many times I break down, there's always a part of me

that makes me want to stand up. Because I know I am not done yet. I don't want to stop there. I don't want us to end there. Because I want us forever.

KINABUKASAN ay maaga akong inasikaso ng mga Moon, pinaghanda para ihatid pauwi. Gaya nang napag-usapan ay inihatid akong muli ni More sa hotel ko sa Seoul. Gaya rin nang napag-usapan, agad niyang hiniling na ibigay ko sa kaniya ang singsing. Napakarami niyang ipinaliwanag, sinasabi ang importansya ng bagay na iyon sa bansa nila. Pero mula sa nagdaang gabi hanggang sa sandaling iyon ay wala ako sa sarili. Hindi ko nagawang intindihin alinman sa maiikli o mahahabang linyang kaniyang sinabi.

"Kailangan na nating maghiwalay rito," aniya nang ihatid ako sa airport. Hindi ko pa rin siya magawang intindihin, pero sa sandaling iyon ay naririnig ko na siya. Wala nga lang akong ibang maisagot kundi buntong-hininga. **"Hindi ko alam kung ano ang sasabihin sa iyo."**

Malungkot akong tumitig sa mga mata niya. Hindi ko alam sa sandaling iyon kung sino ang mas malungkot at nasasaktan sa 'ming dalawa. Maaaring pantay, maaaring pareho, pareho lang siguro kaming magaling magtago.

Puro ako pagtatanong sa isip. Kung ano na ang mangyayari, kung paanong mawawala si Taguro sa mundong ito, kung paano nilang hahayaan na lang na mangyari iyon dahil sa hindi makatarungan nilang batas, at kung paano namin iyon pare-parehong tatanggapin na lang. Napakahirap. Para kasing ang katotohanang iyon ay walang ibang paraan para pagdaanan, lahat ay masasaktan at malulungkot na lang. Dahil sa huli ay mangyayari ang kinakailangang mangyari. Dahil may batas. May hindi katanggap-tanggap na batas.

Hanggang sa makapasok ako ay hindi na ako nakapagsalita pa. Bagaman nakatalikod ay nararamdaman ko ang titig ni More sa 'kin. Siya lang ang naghatid sa 'kin, parang bulang nawala ang iba pang myembro ng mga Moon bago ako umalis. Maging ang magtanong ay hindi ko alam kung tama ba.

Habang papunta ako sa bansang iyon ay halos hindi ko na maramdaman ang likuran ko dahil sa matagal na pagkakaupo. Pero nang papauwi ay para bang napakalapit. Hindi ko namalayang nakarating na ako sa Pilipinas. Parang may sariling pag-iisip ang katawan ko, dinadala ang kaluluwa ko sa daan na dapat kong puntahan. Pauwi sa bahay kung saan may sasalo sa kahinaan ko sa oras na 'yon.

"Deib Lohr?" nagugulat akong sinalubong ni mommy.

Hindi ko maintindihan kung bakit sa sandaling narinig ko ang boses niya ay mabilis na nangilid ang mga luha ko. Hindi ko siya magawang tingnan sa mga mata. Basta na lang bumilis ang paghinga ko, nag-init ang mga mata ko, maging ang hininga ko ay mainit sa pakiramdam ko. Mabilis na nanlabo ang mga mata ko at bago pa ako mawala sa sarili ay sinalo na ako ni mommy para yakapin.

Napakapait ng mga luha ko. Gano'n na talaga siguro ako kalungkot sa oras na 'yon. Walang kapantay ang sakit na nararamdaman ko.

"Anak..." bulong niya, lumuluha kahit na hindi alam kung bakit gano'n na lang ako pagkarating.

Napakatagal kong umiyak sa balikat ni mommy. Hindi iniinda ang pagod, dahil ang sakit sa dibdib ko ay lalo lang nadaragdagan lalo pa at napakalayo ko na ngayon kay Tauro.

Hindi ko alam kung paanong magpapaliwanag sa kanila. Ni hindi ako sigurado kung pwede akong magkwento sa pinagdaanan ko. Sandali lang akong naro'n pero pakiramdam ko ay buong buhay ko ang nakasalalay.

Hindi ko magawang magulat nang makita kong naro'n ang mga kaibigan ko, sina Lee at Tob. Nandoon din ang magkapatid na Yaz at Parrot. Maging si Heurt ay naro'n, kasama ang pamilya ko. At ni isa sa kanila ay hindi magawang makapagtanong.

"Alam na namin," emosyonal na sinabi ni Randall.

Hindi ko siya magawang tingalain. Basta na lang ako tumitig sa kung saan, tinitiis ang hapdi ng mga mata kong hindi na napagod sa tahimik na pagluha. Sa isip ko ay paulit-ulit kong tinatanong kung bakit kailangan kong pagdaanan 'to. Kung bakit hindi pwedeng maging normal na lang ang buhay at pagmamahal ko gaya ng ibang tao.

"Magpahinga ka na muna, anak," ani daddy. Hindi ko rin siya nagawang sagutin.

Basta na lang ako tumayo at umakyat sa kwarto. Dumeretso ako sa kama at pabagsak na inihiga ang sarili ko. Sinalo ako nang napakaraming unan pero ang sakit ay nararamdaman ko na sa buong katawan, wala na akong lakas.

Lalo akong naluha nang maisip kong mangyayari ang sandaling pipikit si Taguro at hindi na magmumulat pa. Sa isiping 'yon ay napahikbi ako sa sakit. Ang malaki kong boses ay nagiging maliit.

"Deib Lohr..." Bigla ay nangibabaw ang tinig ni Heurt.

Lumuluha akong nananatili sa pagkakahiga sa unan. **"Paano niyo gagawin 'yon?"** wala sa sariling tanong ko. Ang isip ko ay abala sa pagtakbo, inihahatid si Taguro sa huling hantungan. Hindi ko matanggap. **"Paano ninyo gagawin 'yon, Heurt?"**

Nanatili siyang tahimik, hindi makapagsalita bagaman alam kong katulad kong lumuluha. Matagal kaming nanatiling gano'n, nandoon siya habang ako ay nakatingin malayo sa kaniya.

"Kabuwanan ko na iyon noon nang magkusa akong pumunta sa ospital," bigla ay nagkwento si Heurt, walang kasinlungkot ang boses. **"Wala akong ibang dala kundi ang nag-iisang lampin na hiningi ko sa isang kakilala. Masiyado na akong nag-aalala dahil matatapos na ang buwan ng Marso pero hindi ko pa rin nararamdaman ang pagle-labor na sinasabi nila."**

Huminto man ang pagtulo ng luha ko, ang mga namumuo ay pinananatili ang panlalabo ng aking mga mata. Tumitig ako sa bintana, upang muli lang maiyak dahil mukha ni Taguro ang aking nakikita.

"Natatakot na ako dahil may ilang araw ko nang hindi nararamdaman ang paggalaw niya sa tiyan ko." Nagpatuloy si Heurt, nakinig ako. **"Akala ko ay hindi pa ako tatanggapin no'n nang sabihin kong manganganak na ako. Napakarami ko pang pinagdaanang proseso bago maihiga sa kama ng ospital. Mag-isa lang ako no'n, at kakatwang napakalamig ng panahon."**

Paano mo nagagawang agawin ang atensyon ko kahit nasasaktan ako, Taguro?

Sa sandaling iyon ay para bang gustong-gusto kong marinig ang lahat ng kwento ni Heurt. Sa lahat ng pinagdaanan ko sa nakaraan, iyon ang pinakainteresanteng bagay na narinig ko.

"Palibhasa'y unang anak, at mag-isa lamang ako, hindi naging madali para sa 'king ilabas ang anak ko. Akala ko ay ikamamatay ko, dahil ganoon na lang katindi ang pagpipigil kong malagutan ng hininga, Deib Lohr, maniwala ka."

Naramdaman ko sa kwento niya kung gaano katindi ang paghihirap na pinagdaanan niya. Pero gusto kong humanga dahil wala man lang akong maramdamang pagsisisi.

"Nang sa wakas ay makalabas siya sa sinapupunan ako," bahagyang lumiwanag ang tinig ni Heurt, nabahiran ng kaunting sigla. **"Akala ko ay tapos na ang paghihirap ko. Matagal akong tumitig sa doktor na may**

hawak sa kaniyang parehong paa. Hindi ko pa malaman no'n kung kukunin ko na ba siya o pagmamasdan muna. Basta ko na lang sila tiningnan, pinanood, wala akong maramdamang kahit na ano bukod sa matinding pagod."

Ang magkahalong saya at lungkot sa boses ni Heurt ay nakadaragdag sa interes ko. Pero nakikini-kinita ko nang matapos ang mahaba niyang kwento ay mag-uunahan na naman sa pagpatak ang mga luha ko.

Malalim ang hiningang pinakawalan niya. **"Nag-alala ako nang sobra nang sabihin ng doktor na hindi tumutugon ang bata. Ilang beses niya nang tinapik sa puwit at talampakan si Maxpein pero hindi ito nagpapakita ng anumang senyales ng buhay."**

Doon ko na nilingon si Heurt, dahan-dahan. Nananatili ang distansya niya sa kama ko, nakatayo at malayo ang tingin sa labas ng bintana. Sa mahigit dalawang dipang layo namin ay nararamdaman ko ang buo niyang emosyon.

"Tumingin sa 'kin ang doktor na para bang humihingi ng pahintulot, bago niya pinalo nang mas malakas sa normal ang bata." Ngumiti si Heurt, walang katumbas ang saya na nababasa ko sa kaniyang mga mata. **"Doon umatungal si pag-iyak si Maxpein, at sa lakas ng pagkakasipa ay para bang may kakayahan na siyang magwala."** Humalakhak siya habang tumutulo ang luha.

Maxpein...

"Sa sandaling iyon ay naisip ko, nabuo ko ang pangalan niya," nakangiti siyang tumitig sa 'kin. **"Hindi ko kasi nagawang pag-isipan 'yon sa loob ng siyam na buwan. Wala akong inintindi nang mga oras na 'yon kundi ang sarili ko, hindi ang bata sa sinapupunan ko."**

May kung anong kirot na idinulot sa 'kin ang sinabi niya. Gusto kong maawa kay Taguro. Bigla na naman akong naluha.

Hindi namin alam kung paano kang mamahalin nang tama sa simula, Maxpein. Hindi namin alam kung paano at kung bakit. Pero ikaw 'yong taong hindi mahirap mahalin. At habang minamahal ay ipinaparamdam mo sa 'min na 'yon ang pinakamasarap na pakiramdam sa buong mundo.

"Maximum pain," nakangiti pa rin si Heurt at patuloy sa pagluha. **"Iyon ang nasa isip ko habang pinapanood ko ang nakangiting doktor na hindi mabitiwan sa tuwa ang anak ko. Sa halip na ang mga nurse ay ito mismo ang nagpaligo kay Taguro mo,"** biro niya, hindi malaman kung

lalong iiyak o tatawa. **"I named her Maxpein because she responds only to maximum pain."**

Matagal kaming natahimik ni Heurt. Pinahiran niya ang sariling luha. Habang ako naman ay patuloy sa pananahimik, sa pag-iisip. Ang buong akala ko kasi ay may kinalaman sa proteksyon ang pangalan ni Taguro, gaya nang sinabi niya. Naisip kong posibleng isinunod lang ang pangalan niya sa kapatid at iba pang myembro ng pamilya nila. Hindi ko inaasahang may iba pa palang dahilan.

You never cease to amaze me, Maxpein. You're extraordinary. You can never bore me.

"Masaya ako nang dumating siya sa buhay ko, maniwala ka," emosyonal na patuloy ni Heurt. **"Pero sa sandaling ito ay hindi ko na alam kung ano ang ibig sabihin ng salitang masaya. Dahil mula nang ipanganak ko siya, pakiramdam ko ay wala na siyang pinagdaanan tama. Minsan ay naiisip ko kung bakit ako ang naging nanay niya, kung bakit kami pa ni More ang mga magulang niya. Nang dahil kasi sa 'min ay napagkaitan siyang mabuhay nang malaya. Sa paraang katulad ng ibang bata."**

Tumulo nang tuloy-tuloy ang mga luha ko, nasasaktan para kay Taguro. Sobra-sobra na at hindi ko na alam kung ano ang mararamdaman ko pa. Masiyado nang halo-halo.

"Ikaw lang ang nakikita niyang tama, ikaw lang ang nakikita naming tama na nangyari sa buhay niya, Deib Lohr." Sinabi niya 'yon nang deretsong nakatingin sa 'kin.

"But I'm weak," luhaan kong sabi. **"I am so weak, I cannot make her stay."**

Sa halip na sumagot ay matagal siyang tumitig sa 'kin, nang may mapait na ngiti at lumuluhang mga mata. **"Magpahinga ka na,"** aniya matapos ang mahabang sandali.

Tumingin ako sa kaniya at gano'n na lang ang paghihirap kong makita si Heurt na umiiyak. Pakiramdam ko ay kulang ang dahilan ko para masaktan, dahil higit siyang nasasaktan.

"Pasensya na pero hindi ko alam kung paano kitang masasamahan sa ngayon, Deib Lohr. Sana ay naiintindihan mo." Sa tono niya ay nagpapaalam na siya.

"Naiintindihan ko, tita," hindi ko na halos kayang magsalita pa.

Sandali pa niya akong pinagmasdan bago tuluyang iniwan. Kinain ako ng dilim at doon tahimik na nagpatuloy sa pagluha. Walang katulad ang sakit. Napakahirap.

Iyon na yata ang pinakamahirap na pinagdaaranan namin ni Taguro. At hanggang sa sandaling iyon ay hindi pa rin ako makapaniwalang mangyayari iyon, na mawawala na siya sa 'kin nang tuluyan. Hindi ko alam kung paano iyon tatanggapin. Hindi ko alam kung posibleng matanggap ko ang gano'ng katotohanan.

I can only describe which is painful but I cannot tell how painful it is. All I know is it is very painful, everything and every part of me is hurting. I can feel it all inside me, even my brain can't make the pain stop. You'll never understand until it happens to you.

This is the worst kind of pain, and the things that I have no ability to do or change torments me.

~ To Be Continued. . . ~

OceanofPDF.com

CHAPTER 232

DEIB'S POV

ISANG BUONG LINGGO ang dumaan nang para bang milenyo. Buong linggo rin akong nanatili sa kwarto. Alam ko kung gaano na katindi ang pag-aalala ng pamilya ko. Kahit sa lapag ng kama ko ay natutulog si mommy, mabantayan lang ako. Hindi ako umiyak. Hindi ako nagmaktol. Hindi ako naghanap. Nandoon lang ako sa kwarto, magdamag na tulala sa bintana. Buong linggo akong tahimik na nag-iisip, binabalikan ang magagandang nangyari sa 'min ni Taguro. Nandoon pa rin ang lungkot, tumitindi pa rin ang sakit. Pero hindi ko mababago kung nasaan ako ngayon, at iyon ang kailangan kong pagdaanan.

Pero ang araw na iyon ay tila ba kakaiba sa mga nagdaang araw. Marahan kong iminulat ang mga mata ko, tubig agad ang hinanap ng katawan ko.

Dumeretso ako sa banyo, naligo at inayos ang sarili ko. Inalis ko ang mga nagtubuang balbas at bigote sa mukha ko. Ang buhok ko ay inayos ko gaya nang madalas kong ayos do'n. Matapos niyon ay dumeretso ako sa closet at namili ng isusuot.

Nasa gano'n naman akong sitwasyon nang pumasok si mommy. **"You're early, baby."** Hindi naitago ni mommy ang gulat. Mabilis siyang lumapit sa 'kin at sinuyod ng tingin ang kabuuan ko. **"Are you going somewhere?"** nando'n agad ang pag-aalala sa kaniya.

Humugot ako nang malalim na hininga saka isinuot ang itim na polo. **"Pwede ba tayong pumuntang Palawan ngayon?"**

"Palawan?" nagugulat lalo niyang tanong. Hindi ko sumagot. **"Aba, syempre naman! Ilang oras lang naman ang papunta ro'n, anak. Walang problema,"** naghalo ang gulat at alinlangan sa tinig niya. Alam kong sinabi niya iyon para hindi na pasamain pa ang loob ko. Alam kong gusto niya akong tanongin pero pinili niyang pumayag na lang. Dahil sa sandaling iyon, gagawin nila ang lahat para lang umayos ang lagay ko. Pero walang gano'n. Wala nang paraan para umayos ang nararamdaman ko.

"Cool," pilit ang ngiting sabi ko. **"Mag-eempake na 'ko."**

Napalunok si mommy saka pilit ang ngiting tumango. **"Magpapa-book ako. Naku, napakadali lang naman kumuha ng ticket,"** isinenyas niya pa ang pinto, nagpapaalam.

Sinundan ko ng tingin si mommy habang isinasara ang butones ng polo ko. Saka ako bumaling sa cabinet at inilabas ang ilan sa mga damit ko. Matapos magbihis ay saka ko isa-isang isinalansan sa maleta ang mga dadalhin.

"Hello?" Habang naghahanda ng iba pang dadalhin ay tinawagan ko si Tob. **"Napatawag ka, Deib?"** Hindi niya inaasahan ang tawag ko pero hindi rin siya nagpahalatang nabigla.

"Pupunta tayo ng Palawan."

Hindi agad siya nakasagot. **"Ang lapit, 'dre, hehehe,"** pilit ang tawa niya. **"Sakto, 'dre, kating-kati akong gumala."**

"Nag-eempake na 'ko, Tobi."

"Ayos 'yan, 'dre, pwedeng ma-late nang kaunti?"

Nangiti ako. Hindi man lang siya nag-alinlangan. Iyon ang kaibigan ko. **"Hihintayin ka namin."**

"Tawagan mo na si Lee, 'dre."

"Sige," malungkot akong ngumiti. **"Salamat, Tob."**

Narinig ko siyang bumuntong-hininga sa kabilang linya. **"Para sa 'yo, 'dre,"** sinsero niyang sinabi. **"Saka bago kasi 'yong vilebrequin trunks ko."** Tumawa siya sa huli. **"Hintayin mo na lang ako diyan, 'dre, kikilos na 'ko."** Mabilis niyang ibinaba ang linya.

Nakangiti akong umiling saka idinial ang numero ni Lee. **"Kumusta, Lee Roi Gozon?"**

"Ayos lang, Deib Lohr Enrile," sa tono niya ay nasisiguro kong nakangisi siya. **"Did you miss me?"**

"Tch," natawa akong talaga. **"May pasok ka?"**

"Wala," agad niyang sagot. **"Sa'n ang lakad natin?"**

Napangiti ako. *Isang linggo lang akong hindi nagparamdam, tsk tsk.*

Nang sandaling iyon ay parang tumataba ang puso ko. Pakiramdam ko ay noon ko lang nakita kung gaano ako kaswerte sa mga taong nakapaligid sa 'kin. Kahit na alam kong kaya lang sila ganito ay dahil sa pinagdaraanan ko. Sila 'yong mga taong hindi magdadalawang-isip na gawin ang lahat ng makakaya para sa akin.

"Sa Palawan," sagot ko.

"That's great, hehehe," pinilit niyang tumawa. **"I can't wait to leave."**

"Nag-eempake na 'ko, si Tob ay naghahanda na rin. Hindi naman tayo nagmamadali."

"Excited ako kaya bibilisan ko. Dederetso na lang ako diyan."

"Isama mo ang mga pinsan mo."

"Sure."

"Bye." Napabuntong-hininga ako saka nakangiting tumitig sa telepono.

Si Parrot ang sunod kong tinawagan. Gaya nina Lee at Tob ay hindi siya nagdalawang-isip na pumayag sa anyaya ko. Nagtitili pa ito sa pagpayag at excitement, hindi ko alam kung bakit. Sa sobrang tuwa nga niya ay niyaya niya maging sina Migz at BJ. Si Michiko ay paniguradong isasama rin ni Tob.

Iiling-iling at nakangiti kong inilapag ang telepono ko saka ako nagpatuloy sa pag-eempake. Hindi mawala ang ngiti sa labi ko. Nakakatuwa lang isipin na nang magising ako kanina ay bigla ko na lang naisip ang Palawan. Bigla ay gusto ko na lang pumunta ro'n. Walang pag-aalinlangan kong sinabi iyon kay mommy at agad din siyang pumayag. Ang lahat ng taong malapit sa 'kin ay hindi ako binigyan ng dahilan para malungkot nang mag-isa. Kahit na alam kong may mga importanteng bagay silang kailangang gawin.

Sinabi ko kay mommy kung sino-sino ang mga makakasama namin. Nagulat siya pero hindi nag-alinlangang pumayag na isama sila. Nang hapon ding iyon ay nakakuha sila ng flights ni daddy para sa 'ming lahat. At habang nasa himpapawid ay hindi ako makapaniwala, hindi mawala ang ngiti sa labi ko dahil sa lubos na pagkamangha.

Sana lahat ng sitwasyon ay ganito na lang kadali. Na sana...kapag ginusto mo, pwede. Kapag plinano mo, mangyayari. Sana ganito na lang kadali, Taguro.

Doon nawala ang ngiti ko. Ang lungkot ay muling binalot ang kabuuan ko. Padausdos kong inihiga ang sarili ko sa first class seat. Nilingon ko ang mga ulap sa labas ng bintana at doon muling inisip si Taguro hanggang sa makatulog ako.

Alam kong may ideya sila tungkol sa pinagdaraanan ko. Kaya gano'n na lang silang makisama. Pero hindi ko alam kung may ideya ba sila tungkol sa tunay na sitwasyon ni Taguro. Hindi pa ako nagbabanggit, wala pa akong kinukwentuhan nang buo. Pakiramdam ko ay hindi ko kayang sabihin ang lahat nang nalaman ko.

Nasa Palawan na kami nang magising ako. Hindi ko alam kung paanong na-contact ni mommy si Mang Pitong dahil nandoon na ito nang makalabas kami sa airport. Nagtaka ako, syempre. Masiyadong umaayon ang lahat sa gusto kong mangyari. Pero hindi na ako nagtanong, ayaw kong sirain ang magandang sandali.

"*Bagay*!" agad na kaway ni Mang Pitong sa 'kin.

Napangiti ako at wala sa sariling sumalubong ng yakap dito. **"Mang Pitong."** Nagtapikan kami ng mga likod. **"Kumusta, Mang Pitong?"** nakangiting tanong ko, hawak namin ang balikat ng isa't isa.

"'Eto, tumatanda na," tumawa siya. **"Aba'y kay tagal kitang hindi nakita, ah? At talagang lalo kang gumuguwapo, binata! Mabuti naman at naisama mo ang mga kaibigan mo."** Nilingon niya ang mga ito.

Napangiti ako. Natural naman sana ang ngiting iyon pero nang mapansin kong hindi niya hinahanap si Maxpein ay naging peke at tipid iyon. Marahil ay alam na nito ang tungkol kay Taguro. Kung hindi kasi ay paniguradong hahanapin niya agad ito.

Hindi ko na siya nagawang sagutin dahil natabunan na ng boses ni Parrot ang tinig ko. Paulit-ulit niyang binati at kinumusta si Mang Pitong. Isa-isang ipinaalala ang mga kaibigan naming kasama.

"'Buti nasundo ninyo kami, Mang Pitong?" tanong ko nang makasakay ako sa harapan, sa tabi niya. Nilingon ko ang apat na sasakyang nasa likod kung saan nakasakay ang mga kasama ko. **"Mukhang napaghandaan ninyo ang pagdating namin, biglaan pa naman 'to."** Hindi ko naiwasang mahiya.

"Tinawagan kami ni Heurt," nakangiti niya akong nilingon saka ibinuhay ang makina. **"Napakahaba pa ng oras nang sabihan niya kami kaya walang problema."**

Nakangiti akong tumango. **"Salamat, Mang Pitong."**

"Walang anuman. Masaya kami sa t'wing mayroong bisita, Deib Lohr. Pinaghahandaan namin iyan." Sinsero siyang ngumiti. **"Eksakto ang pagbisita ninyo dahil wala masiyadong turista ngayon, madalang ang tao."**

Bigla akong tinubuan ng hindi maipaliwanag na saya nang sandaling iyon. May kung ano sa dibdib ko na nagsasabing tama lang na pumunta ako dito. Hangga't maaari ay ayaw ko nang matao. Kung mayroon may, iyong lang mga kakilala ko. Basta ko na lang iyong naramdaman kanina, ngayon

ko lang naiintindihan kung bakit. Dahil hindi ko dapat nilulunod ang sarili ko sa lungkot.

Tahimik ako sa buong biyahe. Pakiramdam ko ang bawat makita ko ay may bakas ni Taguro. Kahit na ang totoo ay sa mismong lugar lang nila sa Palawan kami may magagandang alaala.

Bagong yate ang dala ni Mang Pitong nang araw na iyon. Mas malaki, mukhang bago at mas mataas ang deck. Hindi na naman sila nabigong pahangain ako. Gusto kong magtanong pero pinili ko na lang na manahimik. Nararamdaman ko nang iniiwas nila sa 'kin ang anumang bagay na makapagpapaalala sa 'kin kay Taguro. Kahit sila mismo ay alam na masiyado iyong imposible.

Tch. Pinasabog nga pala ng mga Rewis ang paboritong yate ng Chairman.

Nagkani-kaniya ng pwesto ang mga kasama ko sa boat. Habang ako ay umakyat sa deck, nakahawak sa railings na sinalubong ang masarap na buga ng basang hangin.

Hindi ko alam kung saan ako dadalhin ng nararamdaman ko, Taguro. Kailangan kita dito.

Sa sandaling iyon ay may namuong pag-asa sa loob ko. Pag-asang ako mismo ang bumuo, ako mismo ang nagbigay ng dahilan para asahan. Dahil sa sandaling iyon, umaasa akong nasa kabilang dulo ng dagat na iyon si Taguro at hinihintay ako.

Masiyado akong nalunod sa pag-iisip, hindi ko man lang namalayang nakarating na pala kami. Natinag na lang ako sa nagkakawayang tao na malayo pa lang ay sinasalubong na ang paparating naming boat.

Hindi ko naiwasang mapangiti, noon ko lang ulit naramdaman na may mga taong sabik na sabik akong makita, kami. Pakiramdam ko kasi sa mga nagdaang araw, linggo, at mga buwan, si Maxrill lang ang masayang sumalubong sa 'kin. Iyong saya na para bang ilang dekada akong hindi nakita.

Ngunit ang mga ngiting iyon sa labi ko ay nawala nang hanapin ko si Taguro sa grupo ng mga tao. Ang isip ko ay sinisisi ang sarili ko dahil umasa akong makikita ko siya pagkarating doon sa dulo. Nang hindi iyon mangyari ay ako rin mismo ang nakaramdam ng pagkabigo. Nakakaloko.

Isa-isa kaming niyakap ng mga tagaroon, para bang kilalang-kilala nila ang bawat isa sa 'min. Pero hindi iyon nagtagal, matapos ang kumustahin ay inihatid nila kami sa hotel na pag-aari ng mga Moon.

Sa harap pa lang nang mataas na gusali ay natigilan na ako at agad na nilamon nang napakaraming alaala ni Taguro. Nangunot ang noo ko at matalim na tiningnan ang bawat lugar na may memorya niya. Maging ang unang beses na tumapak ako sa lugar na ito ay natatandaan ko. Lahat nang magagandang bagay sa nakaraan ay nanumbalik sa isip ko't pakiramdam. Pero hindi ko rin naiwasang alalahanin maging ang pangit sa nakaraan. Dahil ang lugar kung saan nagpaulan ng bala ang mga Rewis ay nakikita ko. Na siyang dahilan para matapos ang lahat nang maganda sa 'min.

"Magpahinga na muna kayo," ani Mang Pitong nang maihatid kaming mga lalaki sa kwarto. **"Maaga akong darating bukas para sa agahan, dapat bihis na kayo pagkarating ko."** Kumindat siya sa amin.

"Saan ba ang gala natin bukas, Mang Pitong?" tanong ni Tob.

"Hindi ba ninyo gustong magpahinga muna?" nakangiting tanong ni Mang Pitong.

"Tatlong araw lang kami, Mang Pitong, eh," sagot ko na ikinagulat nina Tob at Lee. Pero hindi na sila nagsalita. **"May pasok pa kasi 'tong mga 'to at 'yong mga kaibigan namin."**

"Siya, dadalhin ko kayo sa isla bukas na bukas din."

"Sa isla kung saan naganap ang kasal ko, Mang Pitong?" tanong ni *Noona*, na-excite bigla.

"Ah, hindi ro'n," ngumiti siya. **"Doon tayo sa isla na pag-aari ni Maxwell Laurent."**

"Maxwell?" biglang nangibabaw ang tinig ni Yaz mula sa kung saan. **"Hindi ako nagkamali, 'di ba? Narinig ko ang pangalan ni Maxwell."** Lumapit siya sa 'min. **"Kasunod 'yong Laurent,"** maarte niyang dagdag, "Laurant" ang bigkas.

Natatawa siyang hinarap ni Mang Pitong. **"Tama nga ang dinig mo, hija. Si Maxwell Laurent del Valle ang tinutukoy ko. Bukas 'kako ay dadalhin ko kayo ro'n sa isla na pag-aari niya."**

"May sariling isla si Maxwell?" nagugulat na ani Yaz saka tumawa nang malakas. **"'Sabagay, hindi na kataka-taka 'yon."** Mataray na ngumiwi si Yaz habang tumatango sa 'min. **"Gwapo, eh,"** tuloy niya.

"Psh, may kinalaman ba ang hitsura ni Maxwell sa dagat at lupa?" nangibabaw naman ang tinig ni Parrot. Natawa kami. **"Aba, eh, wala bang kainan ngayon, Mang Peyts? Hindi biro 'tong gutom ko."**

"Makakalimutan ko ba naman 'yon? Syempre, nagpahanda ako sa 'baba," matikas na sagot ni Mang Pitong. **"Sandali at ipahahanda ko na**

ang restawran."

"Biro lang, hehehe! Ito talagang si Mang Peyts, masiyadong energetic!" pinigilan ni Parrot sa pagmamadali si Mang Pitong. **"Kami nang bahala, Mang Peyts. Bababa na lang kami, hehehe."**

"Maaga pa kayong babalik dito bukas, Mang Pitong, magpahinga na kayo," sabi ko. **"Salamat."**

"Oh, sige, magkita na lamang ulit tayo bukas. Magpahinga kayo nang maigi." Tinapik ako ni Mang Pitong sa likuran. **"Magkita tayo bukas, mga bata."** Kinawayan niya kami papalayo.

Humugot nang malalim na hininga si Parrot at matunog iyong pinakawalan sa harap namin. **"It's nice to be back!"** aniya sabay kindat sa 'kin.

"Tch."

"Gutom na 'ko," ngumuso siya.

"Let's go, guys, gutom na si Parrot."

"Wow! 'Buti pa si Deib Lohr, iniisip ang gutom ko," pagpaparinig ni Parrot.

Inilapag ko ang mga gamit ko saka nanguna sa paglalakad. **"Lumabas ka na, Parrot, bilisan mo."**

Nakanguso niya akong sinimangutan. **"Akala ko naman ay magpapaka-gentleman ka sa 'kin!"**

"Eh, di sinapak ako ng boyfriend mo? Tch. Tabi."

"'Uy, takot ka kay Lee, Deib?" nang-aasar niyang tanong, nakabuntot sa 'kin.

"Ano naman ang nakakatakot sa payatot mong nobyo? Tch."

"Wow!" si Migz agad ang nag-react. **"Taray manguwestiyon, ah? May sumisigaw na abs ka ba?"**

"Tch."

"May nagwawalang biceps?"

"Manahimik ka nga, bakla?"

"'Sus! Ni wala ka ngang fats! 'Wag mong nilalait si Lee dahil may abs 'yan!"

"'Wag mo na ring pangarapin dahil may girlfriend na 'yan."

"Aray ko, bes!" umarte si Migz na tila ba nasaktan nang sobra sa sinabi ko, napayakap siya kay BJ.

"Lumayo ka nga sa 'kin, bakla ka," itinulak siya ni BJ.

"Ang arte mo, 'te," sinimangutan ito ni Migz.

"'Yong ganitong ganda, may karapatang mag-inarte." Hinaplos ni BJ ang sariling pisngi saka hinaplos ang kay Migz. **"'Yong ganiyang katamtaman na ganda lang, wala."**

"Oh, my! Coming from you? Seriously?" nandidiri kunyaring ani Migz. Wala kaming nagawa kundi ang umiling at tumawa, walang nagbago sa dalawa.

Bumaba kami sa restawran, sa bungad pa lang ay napakarami nang alaalang ibinigay sa 'kin. Napalunok ako, walang ipinagbago ang lugar. Pakiramdam ko pagpasok ko ay nando'n si Taguro, nakaupo sa mesang ipina-reserve niya para sa 'kin.

Napapailing akong nag-iwas ng tingin, itinuon ko iyon sa paanan ko, sa bawat paghakbang ko. Pinangibabaw ko sa pandinig ko ang tawanan at boses ng mga kaibigan ko. Ayaw kong lamunin ulit ni Taguro ang natitirang katinuan ko.

Sa sandaling ito ay kailangan ako ng sarili ko. At ipinangako ko sa sarili kong hindi ko hahayaang mawala ako sa sarili ko.

Hindi naging madali, syempre. Napakahirap. Dahil kung sa pagpasok pa lang ay meron nang alaala niya, pagdating sa loob ay para bang nararamdaman at nakikita ko na siya. Nang sandaling iyon ay para akong tumatakas sa katotohanang kasabay kong tumatakbo papalayo, sa aking anino. Wala si Taguro. Pero ewan ko kung bakit kahit saan ko ibaling ang paningin ko, siya ang nakikita ko.

Kunot-noo akong napapikit. Hindi ko alam kung kailan ko natutunang masaktan nang hindi lumuluha.

Paano mong magagawa 'yon kung isa-isa mong binabalikan ang lugar kung saan kayo nagkasama?

"Hoy!" tinapik ako ni Tob. **"Ano 'kakong sa 'yo?"**

Hindi ko man lang namalayang nakaupo na kami, tuloy ay hindi ko narinig ang mga naunang sinabi niya. **"Kanin,"** sagot ko.

"Anong kanin?"

"Ha? Ano ba dapat?"

"Flavor ng juice ang tinatanong ko, 'dre." Pinilit niyang ngumiti habang nagkakamot sa ulo.

"Ah, pasensya na, hindi ko narinig," napabuntong-hininga ako.

Natigilan si Tob, sandaling tumitig sa 'kin saka bumuntong-hininga. **"Ayos ka lang ba?"**

Pinilit kong ngumiti. **"Oo naman."** Nagbaba ako ng tingin saka pasimpleng umiling. Sa isip ay paulit-ulit kong sinabi na kailangan kong bumalik sa katinuan.

Kailangan ko siyang kalimutan, kahit ngayon lang.

Nangunot ang noo ko, nararamdaman ko na naman ang lungkot na pilit kong iniiwasang maramdaman. Kailangan kong ituon ang buo kong atensyon sa sarili ko. Kailangang matutunan kong mabuhay sa lugar kung saan meron, marami siyang alaala. Wala na akong ibang matatakbuhan. Wala akong mapupuntahan. Walang lugar na walang alaala niya. Dahil kahit pilitin kong lumayo sa lugar kung nasaan ako, kahit pumunta ako sa lugar na hindi pa namin napuntahan nang magkasama, nandoon siya sa puso at isip ko. Hindi lugar ang kailangang iwasan, taguan o kalimutan para hindi masaktan. Hindi ko matatakasan ang napakaraming alaala at masasarap na pakiramdam na ibinigay sa 'kin ni Taguro.

Kaya imbes na tumakbo, umiwas, lumayo at tumakas, kailangan mong pag-aralan, kailangan mong matutunang mabuhay sa libo-libo niyang alaala, Deib Lohr. Kailangan mong magpatuloy nang wala siya, kahit wala siya.

"Deib?" muling pagtawag ni Tob. **"Ano 'kakong flavor ng juice ang gusto mo?"** pinipilit niyang ngumiti habang nagsasalita pero puno ng pag-aalala ang kaniyang mga mata.

"Buko juice nalang, 'dre."

"Okay." Dinig kong bumuntong-hininga si Tob. **"'Eto ang kanin, 'dre, oh."**

Gusto kong mapahiya nang makita kung gaano karaming pagkain ang nakahain sa harap, at wala akong ginagalaw maski isa. Akala ko ay o-order pa, nawala sa isip kong may ipinahanda na si Mang Pitong. Ang lahat ay may laman na ang kani-kaniyang plato, habang ako ay hindi ko alam kung gaano katagal nang tulala. Napabuntong-hininga ako saka pilit na ngumiti, halatang sandali silang nag-alala sa 'kin. O baka nag-aalala pa rin, pilit lang na hindi ipinakikita sa 'kin.

Kaya naman habang kumakain ay sinikap kong makinig at makisali sa usapan nila. Hindi ko hinahayaan ang sarili kong mag-isip nang malalim, nang mag-isa, nang may kinalaman sa kaniya. Sumabay ako sa masayang daloy ng usapan ng mga kaibigan ko, at hindi naging gano'n kadali para sa 'king panatilihing gano'n ang takbo ng isip ko.

"Excited ako sa lakad natin bukas, grabe," ani Yaz, binabasag ang namumuong katahimikan. **"Ano kayang hitsura ng isla ni Maxwell?"**

"Grabe, ang yaman talaga nila, 'no?" ani Migz.

Sobra... Nagbaba ako ng tingin at nagpatuloy na lang sa pagkain. Hindi ko na naman alam kung paanong pag-iisip pa ang gagawin ko. Napakahirap pala talaga ng sitwasyong pilit kong hinahayaang pagdaanan para lang makawala nang tuluyan.

Napakarami naming pinagkwentuhan, alinman sa mga 'yon ay hindi nabanggit ang pangalan ni Taguro. Alam kong sinasadya nila 'yon. Iniiwas nila siya sa usapan. Naiintindihan ko naman 'yon at nagpapasalamat ako sa mga kaibigan ko. Masiyado talaga silang matatalino para iiwas akong mas masaktan pa. Masiyado silang sensitibo. Hindi nila hinahayaang malungkot ako sa sandaling pinili kong maging masaya.

"Mm, Deib?" baling ni Kim sa 'kin mayamaya. Tiningnan ko siya habang ngumunguya. **"Papasok ka na ulit next semester?"**

Tumango ako. **"Pwede naman na akong bumalik sa pag-aaral. Sayang din 'yong nasimulan ko kung mauudlot lang."**

Ngumiti siya. **"Good to hear that. Nami-miss ka na ng BIS, eh."**

"Schoolmates na tayo, Deib, alam mo ba?" nakangising sabat ni Yaz.

Bahagya akong nagitla. **"Talaga? Nag-aaral ka na sa BIS?"**

"Oo, BS Nursing."

Nangunot ang noo ko. **"Bakit nag-aral ka ulit?"**

"Para kay Maxwell," si Parrot ang sumagot, nakangiwi.

"Kaloka," reaksyon ni BJ. **"Grabe talaga ang nagagawa ng pag-ibig."**

"'Sus, malandi lang talaga 'yang si ate," angil ni Parrot.

"Foul 'yon, ah!" asik ni Yaz sa kapatid.

"Oh, bakit? Hindi ba?"

"Hindi naman, eh," napapahiyang ani Yaz, sinasamaan ng tingin si Parrot.

"'Sus, 'wag ako ang lokohin mo, ate." Nagsamaan ng tingin ang magkapatid. **"Umayos ka nga, ate. Mahiya ka naman kay Maxwell, ikaw pa ang naghahabol sa kaniya. Hindi 'yon sanay nang may nakabuntot sa kaniyang babae bukod sa kapatid niya."** Seryoso sa abiso si Parrot, halatang hindi nagbibiro. **"Masakit magsalita si Maxwell kapag naaasar, maniwala ka sa 'kin. Iwas-iwasan mo ang pagdidikit-dikit do'n."**

"You like Maxwell?" tanong ni Keziah, bagay na hindi inaasahan ng magkapatid. Palihim akong ngumisi at umiling. Natatawa kaming nagkatinginan ni Tob, umiling din siya at hindi na kumibo.

"Bawal ba?" nakasimangot na ani Yaz, sinusubukang magtaray pero nabigo siya dahil pinangunahan ng hiya.

Sinserong ngumiti si Keziah. **"Hindi naman. Nakakatuwa lang malaman na bukod sa 'kin ay may nagkagusto rin sa kaniya. I mean, I can't blame you, sino ba naman ang hindi magkakagusto kay Maxwell Laurent del Valle, hindi ba?"** sinabi niya ang pangalan ni Maxwell na para bang isa iyong mamahaling brand. Wala sa himig ni Keziah ang mang-asar o makipag-away, maski na ang magtaray. Sinsero siya sa lahat ng sinabi.

Hindi naman nakasagot si Yaz, sa halip ay nagugulat siyang napatitig kay Keziah. Paniguradong hindi niya inaaasahang magiging ganoon ito kaprangka sa kaniya. Hindi niya inaasahang gaya niya ay magagawa nitong ipagsabi ang nararamdaman kay Maxwell.

"Oh, ano, bakla?" reaksyon ni Migz, si BJ ang kausap. **"Makikisawsaw ka pa ba? Eh, sa kalaban pa lang ay wala ka nang pag-asa, hahaha. Magaganda ang karibal mo kay Maxwell."**

"'Tse!" pagtataray ni BJ saka nginiwian ang dalawang naggagandahang babae sa harapan. **"Baka nga kaya hindi makapili si Maxwell sa dalawang iyan, eh, ako pala ang gusto."**

"Napakalawak talaga ng imahinasyon mong bakla ka!"

"Aba, hoy, 'te! 'Wag mo sabihing hindi mo napapansin ang mga pilantik ng daliri ni Maxwell?"

Tumawa si Migz. **"Kabahan ka nga sa mga sinasabi mo, 'te. Del Valle 'yon!"**

"Si Maxrill na ang gusto ko," malanding ani BJ. **"Del Valle rin 'yon,"** mataray na dagdag pa niya. **"Kaunting hintay pa at paniguradong titigas din 'yon."**

Natutop ni Migz ang bibig sa gulat. **"Titigas ang ano, 'te?"** nagugulat kunyari niyang tanong, nagsisimula nang matawa ang mga nasa mesa.

"Ang muscles, 'te! Ikaw talagang bakla ka, ang dumi-dumi niyang isip mo!"

"Ikaw ba naman ang kasama ko, paanong lilinis ang utak ko?"

"Ah, basta, si Maxrill na lang ang pangangarapin ko. Na-turn off na ako kay Maxwell."

"At ikaw pa talaga ang na-turn off kay Maxwell, ah?" pinandilatan ni Migz si BJ. **"Lakas maka-fairy tale princess ng mukha mo, bakla, ah?"** biro pa niya.

Tumawa si BJ. **"Oo, at Beauty and the Beast ang eksena, 'te."**

"Agree! Si Maxwell si Beauty 'tapos ikaw si Beast." Tumawa nang malakas si Migz dahilan para mahawa ang lahat.

"Hoy, mga bakla! Hindi bading si Maxwell, 'no!" angil ni Yaz, lalong sumimangot. **"Pino lang talaga siyang kumilos, saka mahinhin,"** pagtatakip niya rito.

"'Sus, pinaganda mo pa. Babae 'kamong kumilos," pang-aasar ni BJ.

Tumawa nang malakas si Keziah. **"Gano'n lang talaga siyang kumilos, guys. But once you get to know him better, you'll know na he's gentle lang talaga."**

Napapailing akong nag-iwas ng tingin sa kanila at nagtuloy sa pagkain. Napapangiti kong inalala ang mga kilos ni Maxwell na napansin ko no'ng naro'n ako sa lugar nila. Hindi ko masisisi ang dalawang bakla, siya lang ang kilala kong lalaki na gano'n kapino kung kumilos. Hindi ko pa siya nakitang magpandekwatro na panlalaki, madalas ay iyong pambabae. Ang mga kamay niya ay parating nakatikwas at madalas nga kung pumilantik ang mga daliri. At ang mga gano'ng kilos niya ay napapansin sa t'wing magsasalita siya.

"Matutulog na ba kayo?" nakangusong tanong ni Parrot nang ihatid namin silang mga babae sa kwarto.

Sumandal ako sa pader ng kwarto katabi ng pinto. Sina Lee at Tob ay naupo sa tabi ng kanilang girlfriend. Hinayaan ko silang makipagpaalaman sa mga girlfriend nila.

"Ako matutulog na," ani Tob. **"Napagod ako sa byahe."**

"Maaga pa tayo bukas, matutulog na rin siguro ako," nakangiting ani Lee.

Ang sarili ko ay hindi sigurado kung makakatulog ba ako agad pagkahiga sa kama mamaya. Paniguradong hindi ako patatahimikin ng isip ko. Pero napaghandaan ko na 'yon. Hindi ko iisipin si Taguro, pero kung sakaling pumasok siya sa isip ko ay hahayaan ko lang siya ro'n. Hanggang sa tuluyan siyang mawala sa isip ko. Ayaw kong pilitin ang sarili kong kalimutan siya. Hahayaan ko ang sarili kong pagdaanan ang lahat nang paghihirap, hanggang sa sumuko na ang puso't isip ko sa mga alaala niya.

KINABUKASAN ay maaga nga kaming pinuntahan ni Mang Pitong. Bago umalis ay sabay-sabay kaming nag-agahan. Ngunit hindi namin inaasahang bago pumunta sa isla ay dadalhin kami ni Mang Pitong sa lugar na medyo may kalayuan sa hotel.

Sa daan ay makikita ang iba't ibang souvenir stores, food stalls, swim wear stores at iba pa. Kapansin-pansin din ang mga bahay habang papalayo sa hotel. Mga bahay na may katamtamang laki hanggang sa maliliit.

Sa dulo ng daan ay natanaw namin ang kakaibang gusali. Sabay-sabay na napaungol sa paghanga ang lahat. Dahil sa dulo ng daan ay nasa gitna ang gusaling hugis "M" at gawa sa purong salamin. Tuloy ay sumasalamin doon ang magandang dagat at paligid.

"Ano 'yon?" hindi napigilan ni Parrot ang magtanong.

Ngumiti si Mang Pitong sa pagmamaneho. **"Iyon ang ospital na ipinatatayo ng mga del Valle,"** nasa tinig niya ang pagmamalaki. **"Pag-aari na iyon ni Maxwell."**

"Ang cool talaga ng bestfriend ko. Ang sarap sigurong magtrabaho dito," ani Randall. Hindi niya maialis ang ngiti at tingin sa papalapit nang gusali. **"Matagal niya na itong plano, hindi ko alam na nagtuloy-tuloy pala ang konstruksyon?"**

Tumango si Mang Pitong. **"Malaki ang inilaang pondo ng mga del Valle para sa ospital. Bilang tulong sa mga taga-rito. Maniniwala ba kayong maliit na clinic lamang ang nasa plano? Nagulat na lamang ako nang sabihin ni Maxwell na ospital na ang ipatatayo."** Hindi mawala ang paghanga sa tinig niya. **"Nang sabihin ni Maxwell sa pamilya niya ang tungkol dito ay walang tumutol maski na isa sa kanila. Sa halip ay natuwa pa nga. At ang Chairman pa mismo ang nagmadaling pasimulan ito. Napakabubuting tao."**

Ang mga del Valle... Ang mga wirdong del Valle. At ang pinakawirdong del Valle. My own del Valle.

Napabuntong-hininga ako. Nasanay na akong tinatawag silang Moon. Pero sa lugar na iyon ay gamit na gamit ang apelyido nila. Napalingon ako kay Mang Pitong at hindi ko naiwasang isipin kung may ideya ba siya tungkol sa tunay at malalim na katauhan ng mga Moon.

Saka ko palihim na tinawanan ang sarili ko. Noon ko lang naisip na kung may ideya si Mang Pitong ay paniguradong Moon na rin ang paulit-ulit na tawag niya sa kanila. Gustuhin ko mang isipin na ang pamilyang Moon ang

sinisimbolo ng hugis ng gusali, naisip kong baka dahil lang iyon sa pangalan ni Maxwell.

"Grabe, ang ganda!" palahaw ni Parrot nang tuluyan kaming makababa.

Sobra-sobra ang paghanga ko nang tanawin ko ay may kataasang gusali. Napakaganda nang pagkakagawa, halatang pinagplanuhan at talagang pinaglaanan ng panahon. Hindi madaling bumuo nang ganitong uri ng gusali, pero hindi na kataka-takang matatapos na ito. Mayaman ang mga Moon, talagang mayroon silang pondo.

"Halika, tingnan ninyo ang loob," may pagmamalaki at pananabik sa tinig ni Mang Pitong. Paniguradong siya ang pinakamasaya habang binubuo ang gusaling iyon. Wala kasi siyang ibang inisip kundi ang kapakanan ng mga tagaroon.

Hindi pa pulido ang loob, marami pang kailangang gawin. May ilang parte ng gusali na halatang bagong palitada, may walang pintura at magaspang pa. Pero hindi iyon nakasira sa magandang entrada. Sa unang tingin ay parang hotel ito kapag pinasok. Magmula sa information desk hanggang sa waiting area ay *en grande* ang disenyo at pagkakagawa.

Ang pinakamalaking parte ng ibabang gusali ay ang emergency room. Iyon palang yata ang parte ng ospital na maaaring gamitin. Halos kompleto na ang gamit sa tingin ko, trabahante na lang ang kulang.

Mahaba at gawa sa marmol ang desk ng information. Higit sa lima siguro ang trabahanteng maaaring umukopa at maupo ro'n. Sa likod ng information desk ay ang napakalaking simbolo ng medisina, ang caduceus. Nasa dalawang tao ang laki niyon, inililok sa itim at makintab na marmol. Sa kaliwang bahagi ng information desk ay may dalawang escalator, kung saan sa gitna nito ay naroon ang elevator na gawa rin sa salamin. Hindi pa raw gumagana alinman sa mga iyon kaya kinailangan naming akyatin iyon nang normal.

"Dito ang mga ward," itinuro ni Mang Pitong ang mahabang hall sa kaliwa't kanan. Sa gitna naman ay makikita ang mahabang nurse's station.

Hindi gaya sa ibaba, elevator na lang ang meron doon. Kinailangan naming gamitin ang fire exit para makaakyat sa susunod pang floor kung nasaan naman ang mga special areas. Isa-isang ipinakita sa 'min ni Mang Pitong ang operating room, delivery room, ICU at iba pa. Gaya sa ibaba ay marami pang kulang para tuluyang mabuo ang ospital. Pero paniguradong hindi magtatagal at matatapos iyon at pwede nang patakbuhin.

"Iyong emergency room ang pinakamalaki at sumunod ang operating room. Iyon ang mga paboritong area ni Maxwell kaya talagang pinaglaanan niya ng oras at pondo," ani Mang Pitong habang papaakyat kami sa huling palapag. **"Heto ang flat ni Maxwell."** Pinagbuksan kami ng pinto ni Mang Pitong. **"Para may matirhan siya kung sakaling maisip niyang magtrabaho rito."**

Pagkalabas pa lang sa fire exit ay humanga na kami. Kulay itim ang pader sa kaliwa na may disenyong mga pula at animong gumagapang na bulaklak. Doon ay nakalilok ang kulay ginto at buong pangalan ni Maxwell. Ang kanan naman ay purong salamin na, nang matapat kami sa pinto ay kusa nang bumukas ang sliding door.

Doon ay bumungad sa 'min ang isang malawak na espasyo. Napalilibutan din iyon ng salamin, iyon na halos ang nagsilbing haligi sa buong flat. At talaga namang kaakit-akit ang dagat nitong tanawin. Napakamapayapa.

Malawak ang sala sa bungad. 'Ayun na naman ang bulto ng mga libro, nakahilera maging ang matataas na estanteng kinapapatungan niyon. Malaking aquarium ang nasa pagitan ng sala at kusina, nakakabilib ang ganda.

"Alaga ni Maxrill ang mga isdang ito," nakangiting ani Mang Pitong habang nilalagyan ng pagkain ang mga isda. **"Talagang sumasadya ako rito araw-araw para pakainin sila. Mayayari ako kapag may namatay sa mga ito."**

"Naku, oo nga po," ani Parrot. **"Iba pa naman ang trato no'n sa mga alaga niya, akala mo mga kapatid kung ituring."**

"Sinabi mo pa," humalakhak si Mang Pitong. **"Iyon ngang aso niya ay nag-aaral pa."** Nagulat ang lahat sa sinabi niya. **"Sa susunod na buwan ay pupunta na iyon sa Korea para makasama siya."**

"Aso?" namamanghang tanong ni BJ.

"Aso," nakangiting tumango si Mang Pitong. **"Nag-aaral iyon si Hee Yong sa dog behavior and training school sa Makati."** Umiiling siyang tumawa. **"Aba'y mas kompleto pa nga sa papeles iyon kompara sa akin. Dala-dala ng asong iyon ang apelyido nila."** Lalo siyang tumawa. Kami naman ay hindi makapaniwala. **"Lahat ay gagawin ng kanilang Chairman para sa ikasisiya nilang mga apo."**

Tumamlay ako matapos intindihin ang mga huling sinabi ni Mang Pitong. *Kung buhay si Chairman Moon, paniguradong hindi niya hahayaang tumanggap nang gano'ng parusa si Maxpein.*

"Sobra na ang kawirduhan ng pamilya nila, ah!" biro ni BJ, natawa ang ilan sa kaniya. Dahil sa naisip ko ay hindi ko na naman sila magawang sabayan. Inililigaw ako ng emosyon ko. **"Pero papayag akong maging kasing wirdo nila kung ganito naman ang mga ari-arian ko. Take note, may isla pa ang lolo mo."** Nakangiwi niyang dinuro si Migz.

"Kung si Maxwell ang mapapang-asawa mo, sa bawat islang pag-aari nila ay pwede kayong bumuo," biglang biro ni Migz, na kay Yaz ang paningin.

"'Wag ka ngang magbiro ng ganiyan, kinikilig ako," natatawang tugon ni Yaz.

"Oo," mapang-asar itong nginitian ni Migz. **"Tapos ang pangalan ng mga bata ay isusunod ninyo sa pangalan ng bawat pulo kung saan kayo nakabuo."**

"Nakakaloka," reaksyon ni BJ. **"The del Valle siblings, Pamalican, Palawan and Amanpulo. Ang taray, 'te!"**

"'Ganda kaya!" mataray na ani Migz sa kaibigang bakla saka tinaasan ng kilay si Yaz. **"Tapos 'yong mga anak ninyo, ipinaglihi sa seafoods! Bongga, 'di ba?"**

Nakangiti kong tinalikuran sila. Masaya sanang pakinggan ang ganoong biruan tungkol sa pagpapamilya, kung may dumating at tumanggap sa pinaghandaan kong proposal.

Iiling-iling akong nilamon ng lungkot. Nakakalokong kani-kanina lang ay kumbinsido na akong handa akong pagdaanan ito. Na kakayanin ko hanggang sa makalampas ako. Pero hindi pa man nangangalahati ang araw na ito ay parang sumusuko na ako.

Humugot ako nang malalim na hininga. Babaling na sana ako pabalik sa kanila nang mapansin ko ang nag-aalalang tingin nina Parrot at Yaz sa akin. Kanina ko pa napapansing panay ang tingin nila sa akin, pero pilit kong binabale-wala dahil naisip kong nagkakataon lang. Ang pag-aalala sa mga mata nila ay kakaiba, hindi ko maiwasang magtaka.

Pero sa halip na kwestiyunin sila ay ngumiti nalang ako at nakinig sa biruan ng mga bakla.

"Siya, pumaroon na tayo sa isla at baka naghihintay na ang yate sa atin," nakangiting ani Mang Pitong.

"Napakaganda ng ospital," hindi maitago ni mommy ang paghanga. **"Hindi ako makapaniwalang pag-aari ni Maxwell ito."**

"Mahal talaga ng batang iyon ang propesyon niya," ani daddy.

Nag-iwas ako ng tingin at naglakad papalapit sa malaking salamin. Tinanaw ko ang dagat saka ako paulit-ulit na bumuntong-hininga.

Mahal ni Maxwell ang ginagawa niya, totoo. Pero bukod do'n ay kailangan niyang gawin 'to para sa pamilya niya, para sa organisasyon nila. Dahil iyon ang nasa batas. Dahil dapat at kailangan.

Napailing ako saka nagbaba ng tingin. Hindi alam ng lahat na ang bawat kilos nila ay may dahilan, na lahat ay nasa batas. Ngayon ay hindi ko na makuhang mawirduhan sa kanila. Ngayon ay hindi na ako nahihiwagaan. Ngayon ay hindi ko na sila kinakikitaan ng misteryo. Ngayon ay hindi na nadaragdagan ang mga tanong sa isip ko. Lahat ng nararamdaman at naiisip ko tungkol sa pamilya nila noon, unti-unti kong naiintindihan ngayon.

Pagkababa ay sinalubong kami ng yateng maghahatid sa 'min sa isla. Hindi na yata talaga matatapos ang pagpapahanga sa 'min ng mga Moon. Ibang yate na naman ang gamit namin papunta ro'n. Mas malaki iyon at talaga namang nasa hitsura nito ang kamahalan. Malawak ang flying bridge at cockpit, maging ang deck. Maging ang cabin ay malaki, nagkasya kaming lahat. Ngunit sa halip na makisama sa kanila ay umakyat ako sa deck at mag-isang pinanood ang paligid.

"Napakaganda rito, hindi ba?" nangibabaw mula sa likuran ang tinig ni daddy. Nakangiti ko siyang nilingon. Mataman niya akong nginitian saka muling tinanaw ang dagat. **"Sa susunod ay hindi ko na hahayaang magyaya ka pa, ako na mismo ang bubuo ng plano para sa ganitong klase ng gala."**

"Ngayon lang naman 'to, dad."

"Dalasan natin, baka makatulong sa 'yo."

Nakangiti akong tumitig sa kaniya at hindi na nagsalita. Ewan ko ba kung bakit alam ko namang iyong operasyon sa puso ko ang tinutukoy niya, pero 'yong pinagdaraanang sakit at pangungilila niyon ang naisip ko.

"Alam mo ba kung nasaan si Chairman, dad?" inosente kunyaring tanong ko matapos lumingon sa kawalan.

Batid kong natigilan siya. **"Alam kong may inaasikaso siya. Ngunit hindi niya nabanggit sa amin kung tungkol saan iyon."**

"Nasa North Korea siya," deretsong sagot ko. Lalong natigilan si daddy, naramdaman ko ang paglingon niya sa 'kin. **"Alam mo ba kung ano ang nakaraan ng pamilya natin, dad?"**

"Paanong nakaraan? Iyong kabataan mo? Oo naman. Bakit mo naitanong?"

"Gusto ko lang malaman."

"Ang alin?" ngumiti siya. **"Magtanong ka't sasagutin ko."**

"Alam mo ba kung bakit parehong byudo sina Chairman at Lolo? Alam mo ba kung bakit at paanong namatay ang asawa ni Chairman?"

Napalunok siya. **"Deib Lohr?"**

Nilingon ko siya at matamang tinitigan. **"Ano-ano ang citizenship namin ni *Noona*? Hindi ba't may lahing Korean si lola? Saan siya sa Korea nakatira?"**

Napamaang siya at nalilitong umiling. **"Bakit ka nagtatanong ng ganiyan?"**

Napabuntong-hininga ako. Sa paraan pa lang ng gulat at pagkakatitig niya ay nasisiguro kong walang alam si daddy. Pawang gulat at pagkabigla ang nakikita ko sa kaniya, iyon ay dahil naninibago siya sa kilos at pananalita ko. Bukod do'n ay alam kong wala siyang itinatago.

Ganoon talaga kagaling magtago si Chairman. At naiintindihan kong ginawa nila 'yon ni lola para proteksyunan kami. Wala kaming kaalam-alam sa nakaraan.

"Nothing, dad," pag-iiwas ko. **"Let's talk about it next time."**

Tinanaw ko ang papalapit na isla saka nilingon ang pinanggalingan, nakabibighani ang bawat isla pang nadaraanan namin. Talagang napakayaman ng mga Moon. Hindi ko alam kung paano silang nagkaroon ng ganito kalawak at kagandang pag-aari. Walang nabanggit sa 'kin ang sinuman sa kanila, panigurado rin namang walang magsasabi.

Nang tuluyan kaming makarating, 'ayun na naman ang hindi maputol naming paghanga. Panay ang papuri ng mga kasama ko, maging ako ay panay ang pagsambit ng paghanga sa isip. Mas malaki iyon kompara sa isla kung saan idinaos ang kasal ni *Noona*, pero mas mapayapa ang nauna.

Dahil sa islang iyon na pag-aari ni Maxwell ay ginawang resort. Ang remote island na iyon ay napalilibutan nang napakaraming house villas na gawa sa nipa, at may moderno at eleganteng disenyo.

"Wow, this is paradise," usal ni Keziah, hindi maitago at mapigilan ang paghanga.

Tama siya. Isa nga iyong paraiso, kulang ang salitang maganda. Napakaganda ng buong lugar, nakakagulat na may ganoong lugar pala sa mundo. Hindi ako makapagsalita sa sobrang paghanga. Bawat parte ng lugar ay nakakabilib, perpekto masiyado para makaramdam at makakita ng anumang pangit dito. Walang pintas!

Sinalubong kami nang mahigit sa sampung waiters at waitresses. Magaganda ang ngiti nila at sa kamay ay pawang nakapatong ang iba't ibang pampasalubong na pagkain. Sa likuran ay lumabas ang ilang tauhan na pawang nakauniporme pang-chef. Isa-isang lumapit sa 'min ang mga iyon at sinabitan kami ng bulaklak sa leeg. Tila naging hudyat iyon upang tumugtog ng gitara ang mga taong hindi man lang namin namalayang nasa likuran nila. Nakakatuwa. Gano'n kainit ang pagtanggap nila sa 'min, napaghandaan nila ang aming pagdating.

Tuwang-tuwa ang mga kasama ko, lalo na si mommy, hindi mahinto sa pagkuha ng litrato. Paulit-ulit kaming nagpasalamat hanggang sa tuluyan kaming makapasok sa pangunguna ni Mang Pitong.

"Nagpahanda ako ng iba't ibang putahe," ani Mang Pitong, iginiya niya kami sa mahabang mesa na gawa sa kawayan maging ang mga silya. **"Ang paraisong ito ang magiging pinakaprestihiyosong resort sa buong Palawan. Maigi nang kayo ang unang bisita namin."**

Sangkatutak na seafoods ang inihain sa amin. Naglalakihang sugpo, iba't ibang uri nang mamahaling isda, nagtatabaang hipon at alimango, malinamnam na...tahong. Napabuntong-hininga ako at nag-iwas ng tingin.

Iba't iba nga ang putahe, may sabaw, prito, gulay, pasta at salad. Lahat ay maganda at nakakatakam ang presentasyon. Lahat ay mabango. Lahat ay paniguradong masarap.

"Are you enjoying, son?" tanong sa 'kin ni daddy nang magsimula kaming kumain.

Hindi ko nagawang sumagot agad, naramdaman ko kasi nang lingunin ako nang lahat. 'Ayun na naman ang nag-aalalang tingin ng magkapatid na Yaz at Parrot. Normal lang naman sana 'yon dahil sa sitwasyon ko. Natural na mag-alala sila dahil alam nilang malayo sa 'kin si Taguro. Pero hindi ko maiwasang manibago. Pakiramdam ko kasi ay may nalalaman sila kahit papaano kaya ganoon na lang sila kung tumingin at mag-alala sa 'kin.

"Of course," tipid ang naging ngiti ko. **"Walang dahilan para hindi ako mag-enjoy. Masiyadong maganda ang lugar, dad."**

Lumamlam ang mga mata niya. **"We can stay here as long as you want, just tell me."**

"Sure," pinilit kong ngumiti.

"*Lintik na pag-ibig!*" Pareho-pareho kaming nagulat nang umugong bigla ang tinig ng mga musikero. **"*Parang kidlat. Puso kong tahimik na naghihintay, bigla mong ginulat.*"**

Nagkatinginan kami ng mga kaibigan ko at napapailing na natawa. Nakakatuwa kasing matatanda na ang myembro ng moseko pero raggae ang tugtugan nila. At mas kakatwang bagay na bagay ang kanta sa sandaling ito, binubuhay ang katahimikan.

"*'Di ko man lang napansin ang iyong pagdating. Daig mo pa ang isang bagyong namuo sa malayo. Ihip ng hangin biglang nag-iba, sinundan pa ng kulog at kidlat. Sa biglang buhos ng iyo sa akin, ako'y napakanta.*"

Nagtawanan kami nang umindayog sina Migz at BJ sa saliw ng kanta. Nagsimulang pumilantik ang malalandi nilang daliri, sinasabayan ang himig niyon nang nakapikit.

"*Lintik na pag-ibig parang kidlat. Puso kong tahimik na naghihintay, bigla mong ginulat.*" Sinabayan pa ng dalawang bakla ang kanta.

"*Mga halik mo't mga lambing, inuulan mo sa akin. Binabagyo, binabaha na ako ng iyong mga cariño. Nananaginip ba ako nang gising? Ay, tinamaan nang magaling! Nadali mo ang puso ko ng iyong kidlat.*"

Maging ang kanta ay may kinalaman sa kaniya. Tch.

Hindi ko maintindihan kung bakit gano'n. Naaalala ko si Taguro sa kantang 'yon. Kung paanong nagbago ang hangin nang makilala ko siya. At para siyang matinding bagyo nang makilala ko na.

Nakangiting nagpatuloy sa pagkanta ang mga musikero. Noong una ay napapangiti ako pero nang mapansin ko nang sa akin nakatutok ang kanilang paningin ay bigla akong sumeryoso.

"*Lintik na pag-ibig parang kidlat. Puso kong tahimik na naghihintay, bigla mong ginulat.*"

Masayang nananghalian ang lahat. Nilibang ko ang sarili ko sa kinakain habang pilit pa ring tinatagalan ang mga alaalang humahabol sa 'kin. Syempre, nasa akin na iyon. Sa bawat sandali, sa lahat nang nangyayari, ang bawat piraso ng bagay na nasa buhay ko sa sandaling iyon ay may koneksyon kay Taguro.

"So, Mang Pitong," nagbukas ng pag-uusapan si mommy. **"Who's taking care of the villas?"**

Ngumiti si Mang Pitong. **"Ako ho ang pinunong namamahala sa lahat ng ari-arian nila dito. Marami naman akong katulong na mag-asikaso. Ipinagkatiwala lahat ng del Valle sa amin. Hindi naman mahirap ang trabaho sapagkat bukod sa nalilibang kami ay hinahayaan kaming**

magdesisyon ng pamilya nila. Nakakataba ng puso ang tiwalang ibinigay nila sa amin."

Tumango-tango si daddy, sandaling iginala ang paningin bago nilingon ang matanda. **"Nakakalibang mamuhay rito, hindi ka magsasawa o mapapagod man lang sa trabaho mo."**

"Tama ka," ngumiti si Mang Pitong saka iginala rin ang paningin. **"Ito na ang buhay ko, ang Palawan. Lahat nang magagandang bagay na nangyari sa buhay ko ay narito."**

Nagbaba ako ng tingin at muling napabuntong-hininga. *Pareho tayo, Mang Pitong.*

Bigla ay lumamlam ang mga mata ni Mang Pitong. **"Ang totoo ay muntik ko nang masira kamakailan ang tiwala nang buo nilang pamilya."** Bumuntong-hininga siya saka malungkot na tinanaw ang payapang dagat. **"Nang mabalitaan ko kasi ang pagpanaw ng Chairman ay para akong naparalisa. Bigla ay hindi ako nakakilos at ilang araw na hindi nakalabas."**

Napatitig ako sa kaniya. Hindi ko naalalang kumustahin ang mga taga-rito nang mamatay ang Chairman ng mga Moon. Nawala sa isip kong paniguradong isa rin sila sa mga malulungkot nang todo.

"Nang mangyari iyon ay ipinasara namin ang buong isla. Hindi kami tumanggap ng sinumang bisita at turista. Napakalungkot." Pinangiliran ng luha ang matanda. **"Noon lang ako nakakita ng napakaraming pulis at coast guard na nakabantay sa teritoryong ito. Nagmamatyag, naghihintay, nangangalap ng ebidensya sa pangyayari. Nakakatakot nang mga panahong iyon. Pero wala kaming magawa. Hindi matatahimik ang pamilya ng Chairman hangga't hindi nalalaman kung paanong napasok itong isla."**

Hindi ko inaasahang lilingunin ako ni Mang Pitong at matagal na tititigan. Nangunot nang bahagya ang noo ko nang mapait siyang ngumiti. Iyong ngiti na para bang may malungkot siyang binabalikan sa nakaraan gamit ang isip.

Sa halip na makisali sa usapan nila ay tumayo ako at sumenyas ng pagpapaalam. Kunot-noo akong naglakad papalabas at sinalubong ang magkahalong init at lamig ng hangin. Marahan akong humakbang at huminto sa dalampasigan. Doon ay wala sa sarili akong naupo at tinitigan ang klarong tubig-dagat.

Libreng magliwaliw kahit saan ang isip ko pero bakit gano'n, Taguro? Laging napupunta 'yon sa direksyon mo?

Nangilid ang luha ko at kahit masakit sa ulo ay pinigilan ko ang pagtulo ng mga iyon. **"It's hard to go through hell, babe,"** bulong ko saka ipinatong sa parehong tuhod ang magkakrus kong braso.

Ang kalahati ng isip ko ay nagdurusa habang ang natitira ay binibigyan ako ng pag-asa. Nakakaloko. Parang anumang oras ay mababaliw ako dahil sa pinagdaraanan ko.

"Keep going, Deib Lohr. Just keep going," tinapik-tapik ko ang sarili ko.

At gusto kong kaawaan ang sarili ko dahil sa sandaling iyon, ako mismo ang umaalo sa sarili ko.

NAIH'S POV

HAPON NA pero hindi pa rin umaalis si Deib Lohr sa tabing-dagat. Lulubugan na siya ng araw pero naro'n pa rin siya at tahimik na nakatitig sa tubig. Gustuhin man namin siyang lapitan ay pinipigilan kami ng mga magulang niya. Kailangan daw ni Deib Lohr ang sandaling ito para sa kaniyang sarili. Pero hindi naman kami pwedeng mawala sa likod niya.

Imposibleng hindi niya napapansin ang pag-iwas naming mabanggit si Maxpein. Lalo na't nasisiguro kong hindi nawawala ang kaibigan ko sa isip niya. Pero para makatulong ay pilit na lang naming hindi ito pinag-uusapan. Hindi pa siya nagkukwento, hindi ko alam kung mangyayari pa 'yon. Pero kahit hindi niya na gawin iyon ay kontento na ako sa nalalaman ko.

Kung dati-rati ay takam na takam ako sa impormasyon, sa tsismis, hindi ngayon. Iba ngayon. Hindi sa sitwasyong iyon. Dahil habang nadaragdagan ang nalalaman ko ay lalo akong nasasaktan para sa mga kaibigan ko.

Nang araw na bumalik si Deib Lohr mula sa Korea, bago pa man siya makarating sa bahay nila ay nakipagkita sa amin ni ate si Tita Heurt. Doon ay ikinuwento niya sa 'ming malalapit sa pamilya nila ang totoong estado ni Maxpein. Kaming magkapatid at sa pamilya ni Deib Lohr.

Hindi ako makapaniwala, iyon lang ang naging reaksyon ko. Wala akong nasabi. Wala akong naisip. Gulat agad ang aking naramdaman. Talagang hindi ako makapaniwala.

Sa itinagal-tagal naming magkakilala ni Maxpein, hindi ko akalaing gugulatin niya ako nang ganito sa kaniyang pagkatao. Buong akala ko ay ako na ang higit na nakakikilala sa kaniya, sa mga nakapaligid sa kaniya,

pero nagkamali ako. Dahil mas marami pa talaga ang hindi ko nalalaman kaysa sa pagkakakilala ko sa kaniya.

Habang nagkukwento si Tita Heurt, habang sinasabi niya ang pinanggalingan ng mga Moon, wala akong nagawa kundi ang lumunok at lumuha. Walang puwang ang takot sa dibdib ko, dahil sa likod ng kanilang misteryo ay alam kong mababuti silang tao.

Hindi ko alam kung paano kong pagagandahin ang salitang sindikato. Iyon kasi ang salitang ginamit ni Tita Heurt para ilarawan ang organisasyon na kinabibilangan ng mga Moon. May mga galaw, gawa at kilos silang hindi maaari sa batas ng kahit saang bansa. Mga bagay iyon na ilegal.

Nalaman ko na ang lahat nang iyon ay ginagawa nila para sa ikababuti nang mas nakararami. Tuloy ay nalilito ako, mababuti ba o masasama silang tao?

Ang sabi ni Tita Heurt ay nagnanakaw ang mga Moon sa gobyerno para may maibigay sa mga nangangailangang tao. Ang negosyo nila ay bumili ng mga lupa at mga ari-arian, sa huli ay pinatatayuan nila iyon ng bahay, paaralan, ospital, iba't ibang ahensya at kung ano-ano pa na ang makikinabang ay mga tao rin. Mga taong walang kakayahang maglabas ng pera para may matirhan, makapag-aral, makapagpagamot, kumain at mabuhay nang tama. Ang dahilan nila ay kinukuha lang nila ang dapat na napupunta talaga sa mamamayan.

Nagpapautang sila nang may malaking tubo ang kabayaran. Ang hindi tumupad sa usapan at kasunduan ay aalisan ng karapatan sa mga ari-arian. Ang lahat ng properties na nakukuha nila ay pinatatayuan nila ng daycare center para sa libu-libong batang nagkalat sa lansangan.

Kaya paano kong pagagandahin ang salitang sindikato? Hindi ko talaga alam.

Ang totoo, sa mga nagdaang araw, iyon ang kauna-unahang beses na kumain ako nang hindi umiiyak. Hindi ko iyon pwedeng ipakita sa kanila, lalo na ngayong kinausap ako ang mga kaibigan ni Deib Lohr na 'wag magpapakita nang anumang kahinaan sa kaniya.

Ilang araw akong gumigising nang umiiyak, naliligo nang umiiyak, nagluluto nang umiiyak, kumakain nang umiiyak. Kahit sa pagtae na noon ay ginagawa ko nang swabe, naiiyak ako. Lahat na lang ng gawin ko, umiiyak ako. Ang lungkot yata ay hindi na mawawala sa sistema ko. Hindi ko pa rin matanggap hanggang sa sandaling iyon ang parusang matatanggap ni Maxpein dahil sa nangyari.

At sa t'wing maiisip kong napakabata niya pa para makatanggap nang ganoong klase ng parusa ay naiiyak na lang ako bigla.

Napabuntong-hininga ako saka tumayo habang nakatanaw pa rin kay Deib Lohr. Mag-isa pa rin siya sa dalampasigan at tila ba hindi napapansin ang papadilim nang lugar. Naglakad ako papalapit sa bintana at niyakap ang sarili ko.

Max...kumusta ka? Ano ang nararamdaman mo?

Mabilis na nangilid ang mga luha ko. Naiisip ko pa lang kung anong pakiramdam nang babawian ka ng buhay, napakahirap na.

Alam kong hindi lang ako ang nahihirapan, lahat kami. Lahat ay nag-e-effort na tumulong para hindi lunurin ni Deib Lohr ang sarili sa sakit at lungkot. Ang lahat ay gumagawa ng paraan para ibahin ang ihip ng hangin. Gumagawa sila ng ingay para walang sandaling tahimik kung saan makakapag-isip nang malalim si Deib Lohr. Ngayon nga ay 'ayun si Randall at hawak na ang isa sa mga gitara ng musikero. Maingay niyang tinutugtog iyon habang kumakanta sina BJ at Migz.

"Are you okay?" dinig kong tanong ni Lee mula sa likuran ko.

Mabilis na nangilid ang mga luha ko. **"Paano natin sasabihin sa kaniya?"** halos pumiyok nang tanong ko.

Bukod sa buong pamilya ni Deib Lohr ay kaming dalawa lang ni ate ang sinabihan ni Heurt. Pero hindi ko kinaya iyon kaya sinabi ko kay Lee. Tulad ko ay litong-lito siya, wala siyang maintindihan at walang nagawa kundi ang magulat. Hindi rin siya makapaniwala. Hindi na ako magtataka kung alam na rin ni Tob ang tungkol dito. Nasisiguro ko namang alam niya kung gaano kaselan ang sitwasyon, hindi niya ito ipagkakalat.

Matunog siyang bumuntong-hininga saka ko naramdaman ang mga kamay niya sa magkabila kong braso. **"I don't know,"** walang pag-asa ang tinig niya. **"He's still broken. I can't manage to damage him more."** Noon ko lang nahimigan ang umuukit na sakit sa tinig ni Lee, nang dahil kay Deib Lohr.

Doon na tumulo ang luha ko. *Paano namin sasabihin sa kaniya na bukas ng umaga mo matatanggap ang parusang ipinataw sa 'yo?* Sa isip ko tinanong si Maxpein, kahit pa imposible akong makatanggap ng sagot.

Hindi alam ni Deib Lohr ang tungkol doon. Ni isa sa amin ay walang may lakas ng loob para sabihin iyon. Maging si Heurt na siya mismong nagsabi sa 'min ay hindi magawang iparating iyon kay Deib. Natatakot siya

at masiyadong nasasaktan para dito, para sa sarili at para sa anak. Napakahirap.

At ang pinakamahirap no'n, lahat kaming malalapit sa kaniya ay alam iyon, maliban kay Deib Lohr.

"We got to join him," nangibabaw mayamaya ang malungkot na tinig ni Randall. Nang lingunin namin siya ay bitbit niya na sa likod ang isang gitara. Pinilit niyang ngumiti. **"He can't face this alone."**

Pumangit ang mukha ko nang bigla akong maiyak. Agad akong niyakap ni Lee at doon ako tahimik na lumuha sa mga balikat niya. Hindi ko kaya. Napakahirap maging malakas habang nasasaktan. Mahirap maging malakas para sa kaibigan habang pareho kayong may pinagdaraanan. Pero kailangan naming kalimutan ang sariling nararamdaman para kay Deib Lohr. Sa sandali kasing iyon ay hindi namin mahihigitan ang sakit na pinagdaraanan niya at pagdaraanan pa kapag nalaman niya na ang mangyayari. Kailangan naming isakripisyo ang sariling nararamdaman para matulungan siya. Gano'n kalalim ang pang-intindi at pagkakaibigang meron kami. Pero kahit gano'n ay pare-pareho naming hinihiling na sana ay magtagumpay kami kahit na papaano.

"Tob, hand me a tissue, please," dinig kong pakiusap ni Lee. Nakalahad ang kamay niya sa kaibigan ngunit ang paningin ay nasa akin.

"Bakit sa 'kin?" nakasimangot na tugon ni Tob. **"Ikaw 'tong banyo nang banyo, eh."**

Inis na nag-iwas ng tingin si Lee sa kaibigan at bumaling muli sa 'kin. Pinahid niya ng kamay ang mga luha ko. Nag-iwas ako at pinahiran ang sarili. Hinaplos niya ang pisngi ko saka ako biglang niyakap nang mahigpit.

At that very moment I wanted to know if I loved enough the people God gave me. Because I'm afraid He will need them back one day, just like today.

Sa sandaling iyon ay muli akong naluha. Pakiramdam ko kasi ay napakaswerte ko. Ginantihan ko si Lee nang mas mahigpit na yakap. Dahil nandoon siya. Dahil nasa tabi kami ng isa't isa. Hindi gaya nina Maxpein at Deib Lohr, malayo na nga sa isa't isa, nasasaktan pa. At ang mahirap do'n ay hindi nila nalalaman ang kasalukuyang pinagdaraanan ng bawat isa.

"Let's go," anyaya ni Randall, pinalalakas ang loob.

Tinanaw ko siyang lapitan si Deib Lohr sa dalampasigan. Malayo pa lang ay tumutugtog na si Randall nang nakangiti. Si Dein Leigh ay hindi halos

magkandaugaga sa bitbit na pagkain kasama sina Keziah at Kim. Naglatag sila ng tela at ipinatong doon ang mga kutkutin.

Sumunod naman sina Tob, BJ at Migz, bitbit ang mga kahoy na hiningi kina Mang Pitong. Tulong-tulong nilang sinilaban iyon, may ilang dipa ang layo mula kay Deib Lohr. Si Michiko ay sandali akong inalo bago sumunod sa kanila.

Nilingon ko ang mga magulang ni Deib Lohr na noon ay magkayakap na pinagsasaluhan ang mga luha. Batid kong nasasaktan sila para sa anak, hindi imposible iyon. Talagang iyon na ang pinakamasakit na pangyayari sa lahat nang nangyari.

Sa sandaling iyon ay napagtanto kong wala kami ni katiting na karapatan para iwanang mag-isa si Deib Lohr.

"Kailangan nila tayo ro'n, Zarnaih," ani Lee, paulit-ulit na pinapahiran ang mga luha ko. **"Calm down, Deib Lohr can't see you like that. Magtataka siya."**

Pinigilan ko ang luha saka tinanaw muli si Deib Lohr na noon ay unti-unti nang mahirap tanawin. Kinakain na ng dilim ang kakaunting liwanag. Pero hindi pa man nagtatagal ay nag-uunahan na naman sa pagtulo ang mga luha ko.

"Zarnaih, ano ka ba?" alam kong pilit ang pagtataray ni ate. **"Halika na ro'n."**

"Hindi ko kaya, ate."

Inis siyang lumapit sa 'kin at nakasimangot na pinahiran ang pisngi ko. **"Let's put our feelings aside for our friend, Zarnaih. Ngayon lang."**

"Paano kapag nalaman niya na?" humihikbi nang tanong ko.

"Saka na natin isipin 'yon, okay?" bagaman pinangingiliran ng luha ay nagawa niyang palakasin ang loob. **"Sa ngayon ay ito na muna, Zarnaih. Saka na ang susunod pa."**

"Kailan natin sasabihin, ate?"

"Pagkabalik natin sa Laguna." Nag-iwas siya ng tingin at kunot-noong nagpigil ng luha.

"Let's go." Hinawakan ako ni Lee sa kamay at hinila papalapit sa mga kaibigan namin.

Nandoon na ang lahat, maging ang pamilya ni Deib Lohr. Pawang mga tahimik, hindi halos magawang kumibo ng lahat papunta pa lang dito. Dahil nang umagang iyon, nang magyaya si Deib Lohr papunta ro'n ay nakarating sa 'min ang masamang balita.

Ngunit nang makaupo at magkaharap-harap ang lahat ay walang nakapagsalita. Napailing kami ni Lee sa nakabibinging katahimikan, tanging ampiyas ng tubig ang maririnig bukod sa malakas na hangin.

Hindi man lang nag-abalang lumingon si Deib sa 'min. Ang paningin niya ay nakapako sa kawalan. Yakap niya ang parehong tuhod at bahagyang nakatungo doon.

"Randall," pagtawag niya. Para kaming mga robot na sunod-sunod na lumingon kay Deib Lohr. Lahat ay lalong nag-alala, kinapapraningan ang sasabihin niya.

Nag-aalalang tumingin sa 'kin si Randall bago tuluyang nilingon si Deib Lohr. Nakita ko siyang lumunok ng ilang beses bago naglakas ng loob maupo sa tabi nito.

Hindi ko malaman kung bakit pakiramdam ko ay alam ni Deib Lohr ang mga kilos namin. Para bang alam niyang pilit naming ginagawa ito para sa kaniya. At laking pasasalamat ko dahil sa halip na piliing mapag-isa ay nakikisama siya.

"Bayaw?" nakangiting tugon ni Randall, mahinang kinakalabit ang gitara. **"Gusto mong kumanta?"**

"Nanggaling kay Lovemir itong bagong puso ko." Hindi pinansin ni Deib Lohr ang tanong ni Randall. Malalim ang pagkakatitig sa kawalan. **"Posible bang 'yong nararamdaman niya at nararamdaman ko para kay Taguro ay maghalo?"**

Napamaang si Randall sandali, maging ang kamay niya ay nahinto sa pagkalabit sa gitara. Humugot siya nang malalim na hininga, nilingon ang mga magulang ni Deib Lohr saka muling tumingin dito. Halatang nabigla siya sa tanong nito.

"Of course not," ani Randall, muling napabuntong-hininga. **"Utak ang nagpapagana sa buong katawan, kilos, galaw at maging sa nararamdaman ng tao, Deib Lohr. Kahit galing sa ibang tao ang puso mo, 'yong nararamdaman mo para sa babaeng mahal mo ay hindi magbabago."**

Matamlay ang ngiti ni Deib Lohr, nakahinga nang maluwang. **"'Sabagay, organ ko ang napalitan at hindi 'yong nararamdaman."**

"Bakit mo naitanong?" hindi naitago ni Randall ang pag-aalala.

Napawi ang ngiti ni Deib at umiling. **"Ayaw ko kasing mahaluan 'yong nararamdaman ko. Gusto kong makasiguro na purong-puro pa rin 'yong pagmamahal na ibibigay ko kay Taguro."**

Napatitig si Randall sa kaniya at napapabuntong-hiningang nagbaba ng tingin. Hindi niya na nagawang magsalita pa. Napapahiya siyang nag-iwas ng tingin at basta na lang tumugtog na para bang siya lang ang nakaririnig.

"Ano, guys, m-magkantahan kaya tayo? Para masaya?" nag-aalinlangang suhestiyon ni Dein Leigh para mamatay ang katahimikan. **"Keziah, kanta ka!"**

"Ay! Maganda 'yan! Showdown kayo ni Ate Yaz!" nakakalokong suhestiyon ni BJ.

"Showdown talaga? Hindi pwedeng duet lang?" singhal ni Migz.

"Ha? Why me? Alam mong wala akong talent sa singing," nakangusong ani Keziah.

"Sige na, sige na," nakangiting ani Randall. Tumugtog siya ng masaya, sumabay naman ang mga kaibigan namin sa kaniya.

Nilingon ko si Deib Lohr na noon ay nakatutok na naman ang paningin sa dagat. Sinulyapan ko ang tubig, wala nang makikita ro'n bukod sa repleksyon ng buwan. Wala nang mas tatamlay pa sa kaniya, parang sakit ang lungkot niya at masiyado iyong nakakahawa.

Gusto kong hangaan siya dahil mula nang muli kaming magkita ay hindi ko pa siya nakitang lumuha. Hindi ko nabalitaang nagkulong siya. Wala akong narinig na ginugutom niya ang sarili niya. Nabigla pa nga ako nang bigla siyang magyayang gumala.

Nag-mature na yata si Deib Lohr. Malayong-malayo na siya sa Deib Lohr na ngumangawa na parang bata sa t'wing maiiwan ni Maxpein. Ibang-iba na siya sa Deib Lohr na gagawin ang lahat makita lang muli si Maxpein. Hindi ko maintindihan kung bakit niya ito ginagawa, hindi ko alam kung paano niya itong nagagawa. Kung ano man ang dahilan niya, wala akong ibang maramdaman kundi paghanga.

No one has the right to criticize on how he'll repair his heart or how long he chooses to grieve. No one knows how much he's hurting right now. Recovering takes time, I'm sure he will heal in his own pace later.

Pero sa kabilang banda ay nag-aalala ako sa kaniya at sa nararamdaman niya. Nanghihinayang ako na baka dahil dito sa pinagdaraanan niya, matutunan niyang makalimot. Matutunan niyang makaahon. Matutunan niyang maghilom. Ayaw kong mawala ang nararamdaman niya para kay Maxpein. Though I know that's selfish.

"Parrot."

Naalerto ako nang tawagin ako ni Deib Lohr, hindi inaasahan. Nakatingin na siya sa 'kin, nag-alala ako dahil baka nakita niyang nakatingin ako sa kaniya.

"Oh, Sensui?" sagot ko.

Natigilan siya, nawala ang kakakaunting ngiti sa mukha. Gusto kong tampalin ang sarili kong bibig dahil natawag ko siya ng gano'n.

"Bakit, Deib?" agad kong kabig.

Pinilit niyang ngumiti saka tumingala sa payapang langit. **"Kung bibigyan ka ng pagkakataong kantahan si Taguro, anong kanta 'yon, at bakit?"**

"Ha?" aligaga kong sagot. Hindi siya nagsalita. **"Ano..."** Pinilit kong mag-isip. **"Marami, eh. Bakit?"**

"Kantahin mo," pautos niyang sabi. **"Kahit isa lang."**

Natigilan ako, napapalunok na tumitig sa kaniya. Natatandaan kong hindi na ito ang unang beses na hilingin niyang kumanta ako. Pero iba ang pakiramdan sa sandaling iyon. Para bang iyon na ang huling beses na kakanta ako sa para sa matalik kong kaibigan. At wala pa man ay nagbabadya na naman ang pagtulo ng aking mga luha.

Stop...stop it, please...

Nanuyo ang lalamunan ko sa sunod-sunod kong paglunok. Napalingon ako sa mga kaibigan namin, lahat sila ay umaasang susundin ko ang hiling ni Deib Lohr. Na-pressure ako. Hindi ko alam kung paano ko 'yong magagawa nang hindi siya makakahalata. Naiisip ko palang ang magandang kantang naiisip kong ilaan kay Max ay naiiyak na ako.

"Kahit isa lang," pag-uulit ni Deib Lohr nang mangibabaw ang sandaling katahimikan. **"Gusto ko lang pakinggan, bilang ikaw ang pinakamatalik niyang kaibigan."**

Naluhod ako sa sarili kong hininga. Namuo 'yon sa lalamunan ko at kasabay niyon ay ang panlalabo ng aking mga mata. Napakahirap pigilan ng nararamdaman ko. Nag-init ang mga mata ko at wala akong nagawa kundi ang mag-iwas ng tingin. Maging ang paghagulgol ay pinigilan ko, anumang oras ay paniguradong mangyayari iyon.

"*When I'm lost in the rain, in your eyes I know I'll find a light to light my way*." Boses ko lang ang nangibabaw sa lugar. Nagkani-kaniyang tingin sa kawalan ang mga kaibigan ko, maging si Deib Lohr. **"*When I'm scared and losing ground, when my world is going crazy, you can turn it all around*."**

Doon pa lang ay napasinghot na ako. Dahil sa isip ko, ang bawat salitang kinakanta ko ay alay ko talaga kay Maxpein. Hindi ko malaman kung bakit iyon ang kinanta ko. Pero hindi ako nagdadalawang-isip na pinili ko iyon. Dahil ang bawat salita sa kanta ay inilalarawan ang mga bagay na handang gawin ni Maxpein para sa kaibigan niya.

Dahil ganoon naman talaga siya, kahit mahirap, delikado o imposible ay gagawin niya. Maaaring ang lahat ay iniisip na sa aming dalawa ay ako 'yong gingawa ang lahat para sa kaniya. Ngunit ang kakayahan ko ay may limitasyon. Ang tanging nagawa ko para sa kaniya ay murahin, putakan at sigawan ang mga taong gumagawa ng hindi maganda sa kaniya. Pero sa huli, siya talaga ang nakagawa no'n. Proteksyon pa lang, talagang siya lang.

"*And when I'm down you're there, pushing me to the top. You're always there giving me all you've got.*"

Napapikit ako sa huling linya. Siya na siya ang tinutukoy ng bawat salita sa kanta.

Natatandaan ko pa kung ilang beses niyang ipinamukha sa 'kin kung gaano ako kagaling. Iyong mga sandaling hinang-hina ako, ipinaramdam niya sa akin kung gaano ako kalakas. Naniwala ako sa sarili ko dahil iminulat niya ako.

"*And when I need a friend, you're always on my side, giving me faith taking me through the night.*"

Hindi ko maiwasang alalahanin kung ilang beses niyang itinanggi na mag-best friends kami. Natatandaan ko pa kung ilang beses niyang sinabi sa akin na ayaw at hindi niya kailangan ng best friend. Nasaktan ako noong una, nasaktan pa ako nang paulit-ulit. Nahinto lang iyon nang maisip kong hindi bale nang hindi best friend ang tingin niya sa akin, para sa akin siya ang best friend ko. Na maigi nang hindi niya ako tawaging best friend, dahil naipaparamdam niya pa rin.

Huli na nang malaman kong ayaw niya lang magkaroon ng taong magiging kahinaan niya. Nang mangyari iyon. Nang maging isa ako sa mga kahinaan niya. Huli na nang maintindihan kong ayaw niya lang magkaroon ng taong mapapahamak kapag trinaydor siya ng kaaway niya.

"*For the arms to be my shelter through all the rain. For truth that will never change. For someone to lean on. For a heart I can rely on through anything, for that one who I can run to...I turn to you.*"

Alam kong hindi ako pababayaan ng Diyos, Maxpein. Hindi rin ako pababayaan ng pamilya at mga kaibigan natin. Pero gusto kong malaman

mo na bukod sa kanila, ikaw lang ang tatakbuhan ko, Maxpein. Kasi alam kong gagawin mo ang lahat para sa 'kin.

Gusto kong magsisi nang biglang maging malungkot ang simoy ng hangin. Alam kong sinubukan ni Randall pasayahin ang sandali, pero nabigo siya dahil wala ni isa sa 'min ang kayang makisama. Lahat kami ay emosyonal, maging siya.

Sinabayan ng pagpitik ni Migz ang pagkanta ko. At mayamaya pa ay hindi na siya nag-iisa. Ang lahat, maliban kay Deib Lohr at mga magulang niya, ay pumipitik na. Nagsisilbing tugtog sa kantang nagpapalalim sa lungkot ko.

"*For a shield from the storm, for a friend, for a love to keep me safe and warm, I turn to you. For the strength to be strong, for the will to carry on, for everything you do, for everything that's true, I turn to you*."

Pakiramdam ko ay iyon na ang pinakamahabang kanta. Nagawa no'ng ibalik sa akin ang daan-daang alaala sa loob ng iilang minuto. Nagawang niyong iparamdam sa akin ang libo-libong damdamin.

"Maganda," tumatango-tangong ani Deib Lohr, sinulyapan pa ako. Dali-dali kong pinunasan ang mga luha ko ngunit nakita rin niya. **"Bagay sa kaniya, sa inyong dalawa."**

Natakpan ko ang sarili kong bibig nang muli siyang tumingin sa dagat. Sa gano'ng paraan ko pinigilan ang pagbugso ng damdamin ko.

"*When you're feeling lost in the night, when you feel your world just ain't right. Call on me, I will be waiting, count on me, I will be there*."

Bigla ay nangibabaw ang tinig ni ate, may kasabay na tugtog ng gitara. Nang lingunin ko ay kumakanta at tumutugtog siyang mag-isa. Nakangiti ngunit malamlam ang mga mata. Hindi na ako magtataka kung tulad ako ay lumuluha na siya mayamaya, bago pa matapos ang pagkanta.

"*Anytime the times get too tough, anytime your best ain't enough, I'll be the one to make it better. I'll be there to protect you, see you through. I'll be there and there is nothing I won't do*."

Napapikit siya nang kantahin ang huling linya. Ang mga luha ko naman ay nagtuloy-tuloy pa. Nang magmulat si ate ay namumula na ang mga mata niya, nagbabadya ang mga luha. Tumango-tango at nagmuwestra siya sa akin na agad ko namang nakuha.

"*I will cross the ocean for you, I will go and bring you the moon. I will be your hero your strength, anything you need. I will be the sun in your sky, I will light your way for all time. I promise you, for you I will*."

Sabay naming kinanta ni ate 'yon, sobrang emosyonal, halos magmukhang ungol ang boses ko. Ang tinig niya naman ay maganda, pumangit lang dahil nagbabara ang sipon sa ilong niya, naaapektuhan ang pagkanta.

"***I will shield your heart from the rain. I will let no harm come your way. Oh, these arms will be your shelter, no, these arms won't let you down. If there is a mountain to move I will move that mountain for you. I'm here for you, I'm here forever. I will be your fortress, tall and strong. I'll keep you safe, I'll stand beside you, right or wrong***."

'Ayun na naman 'yong pakiramdam, iyong mga alaala ni Maxpein. Pakiramdam ko ay siya na naman ang tinutukoy ng kantang ito. At pakiramdam ko ay tinig niya ang bawat salita, sinasabi sa akin at sa lahat ng naro'n. Sinasabi na gagawin niya ang lahat. Pero hindi na para sa amin.

Napalingon ako kay Deib Lohr at lalong nangilid ang mga luha ko. Mas naintindihan ko ang kanta nang maisip kong boses iyon ni Maxpein, sinasabi ang lahat ng magagawa niya para kay Deib Lohr.

"***I will cross the ocean for you, I will go and bring you the moon. I will be your hero your strength, anything you need. I will be the sun in your sky, I will light your way for all time. I promise you, for you I will***."

Mas naging emosyonal ang kanta nang makisabay ang iba pa naming kaibigan. Gusto kong tanungin kung kapareho ko ba sila ng pagkakaintindi kaya ganito rin sila kaemosyonal? Dahil gaya ko ay naiiyak na rin ang mga babae, maging sina BJ at Migz.

Si Tita Lacey ay nasulyapan ko, panay ang pagluha at hindi maalis ang paningin sa anak. Kung pwede lang niyang wakasan ang paghihirap ng anak, paniguradong ginawa niya na. Si Tito Lohrton man ay wala ring magawa, pero hindi umaalis sa tabi ng asawa't anak. Dahil handa siyang sumaklolo kung mangailangan ang mga ito.

"***For you I will lay my life on the line. For you I will fight, for you I will die. With every breath, with all my soul, I'll give my world, I'll give it all. Put your faith in me and I'll do anything***."

Nasulyapan kong muli si Deib Lohr nang lumingon siya sa gawi namin. Tumitig siya sa gitara nang may malungkot na mga mata. Para bang nagawa siyang sisirin ng liriko at nagiging emosyonal siya. Naintindihan niya ang kanta. At nakuha iyon gaya nang pagkakaintindi ko.

"Thank you," pilit na pilit ang ngiti ni Deib Lohr ngunit hindi ang sinabi niya. **"Tama na. Bumalik na tayo at magpahinga."** Nauna siyang

tumayo, pinagpag ang likuran niya at nagtuloy-tuloy pabalik sa yate. Nagkatinginan kaming lahat bago aligagang nagsipagsunuran sa kaniya.

Nang sandaling iyon ay naghahagilap na naman ako ng pwedeng gawin para maibsan ang nararamdaman niya. Pero sa sandaling iyon ay hindi ko na magawang sisihin si Maxpein. Dahil sa sandaling iyon ay alam kong nalalabi na lang ang mga oras na ilalagi niya.

Tahimik kaming bumiyahe pabalik sa hotel. Ang lahat ay parang mga timang na nakabantay sa bawat kilos ni Deib Lohr. Lahat ay may kani-kaniyang malalalim na iniisip. Lahat ay hindi malaman ang gagawin.

Naglaan kami ng dalawa pang araw sa Palawan pero hindi na iyong gaya ng inaasahan. Hindi na kami nakalabas, nanatili na lang kami sa hotel rooms. Lumalabas lang kami para kumain.

Sa sobrang pag-aalala ni Tita Lacey ay pinabantayan niyang maigi sa amin si Deib Lohr. Gumagawa na nga lang kami ng dahilan para huwag siyang mapag-isa. Hindi namin hinahayaang mawala siya sa aming paningin. Natatakot kasi kami sa pwede niyang gawin.

Nang sumunod na araw ay nagdesisyon si Deib Lohr na manatili kami sa hotel. Sabay-sabay kaming nananghalian at matapos niyon ay naglagi lang kami sa kwarto. Nanood ng movie, kumain ng kung ano-ano hanggang sa maburyo.

"Let's go outside?" anyaya ni Randall. Gwapong-gwapo siyang tingnan sa suot na board shorts at shades. Kahit may anak na ay tila naglaway pa rin sa kaniya ang asawa. **"Deib?"** anyaya niya pa rito. **"Let's play basketball."**

Nagulat ang lahat nang ngumisi si Deib Lohr. Gwapong-gwapo siya sa ngising 'yon kaya naman nagtilian kaming mga babae.

"Sige," aniya matapos kaming siringan.

Lalo kaming nagtilian nang magpalit na sina Deib at Tob. Suot ni Tob ang ipinagmamalaking mamahalin na sando at board shorts. Kinilig ako nang si Lee na ang lumabas, suot ang kulay itim at pulang jersey uniform. Basa pa ang buhok niya at bagsak na bagsak. Nakagat ko ang labi ko nang tumitig siya at nakangiwing nangunot ang noo sa 'kin. Si Deib Lohr naman ay parang hindi nakapaghanda, itim na sweat pants ang isinuot at puti na t-shirt. Pero nakakatuwa dahil napakagwapo niya sa gano'ng aura, parang ngayon ko lang nakita.

"I wonder if Maxwell knows how to play basketball?" inosenteng tanong ni ate nang makababa kami papunta sa court.

"Barbie," nakangiwing ani BJ.

"Anong barbie?"

"Barbie ang alam laruin ni Maxwell."

Nagtawanan kaming lahat habang si ate ay panay ang pagsimangot sa mga bakla. Dumeretso kami sa wooden chairs at doon magkakatabing naupo. Tirik na tirik ang sikat ng araw, pasalamat kami sa mga umbrella. Dahil sa arte ng ate ko ay paniguradong hindi siya tatagal do'n. Pero kung nando'n si Maxwell, kahit anong panahon ay mananatili siya ro'n.

"Wala kayong ibang itsi-cheer kung hindi si Deib Lohr," ani Randall habang hinuhubad ang tsinelas. Nakatingala siyang pinanood nang nakaupong si Dein Leigh. Nang hubarin ni Randall ang shades ay nasa asawa na ang kaniyang paningin. Napamaang si Dein Leigh, patay na patay. Lalong umawang ang labi niya nang marahang yumuko si Randall upang halikan siya. Halos mapahabol siya nang bigla siya nitong bitiwan.

"Kaloka," bulong ni BJ. **"Mukhang ibang basketball ang mangyayari sa mga 'to mamaya, 'te,"** iiling-iling na bulong niya kay Migz dahilan para humagalpak ito ng tawa.

Nagsigawan kami nang magsimula ang laro. Magkakampi sina Lee at Tob habang sina Randall at Deib Lohr naman. Noong una ay hindi maisahan ni Randall si Tob, kaya naman panay ang pahulog nila ni Lee. Sa simula rin ay halatang nangangapa pa si Deib Lohr. Ngunit nang magtagal-tagal ang laro at magsimulang mag-cheer ang mga bakla ay ginanahan ito.

Kahit yata hindi kami inutusan ni Randall na i-cheer si Deib Lohr ay kami ang magkukusa. Talaga namang walang kupas ang galing ng isang Deib Lohr Enrile sa paglalaro ng basketball. Kung noong una ay nangulelat sila ni Randall, hindi na sila nagpatambak nang makahabol sila.

Napangiti ako, pakiramdam ko sa unang pagkakataon ay nakita ko ulit siyang ngumiti nang natural at tumawa. Iyong tunay na ngiti ni Deib Lohr noong una ko siyang makita hanggang sa makilala. Nakakapanghinayang na nawala iyon dahil nasasaktan siya. Kung pwede ko lang sanang puntahan at dalhin sa kaniya si Maxpein, ginawa ko na.

"Ah, *kaluoy niya*," ani ate.

"*Kinsa*?" tanong ko.

"*Kinsa pa man*?" mataray niyang bulong. Napabuntong-hininga ako. Si Deib Lohr ang tinutukoy niya. Naaawa siya kay Deib Lohr. Sino ba naman ang hindi?

"*Bitaw. Kahilakun ko 'pag makahinumdom ko sa gi-propose niya kay Maxpein,*" pabulong kong sabi. Hindi na siya sumagot pa.

Magmula sa proposal ni Deib Lohr hanggang sa operasyon, alam kong hindi pa siya masiyadong nakakabawi ro'n. Kaya paano niyang matatanggap ang mangyayari ngayon?

Halos dalawang oras naglaro ang mga lalaki. Pare-pareho silang hingal na hingal nang maupo sa harap namin. Dumeretso si Randall sa asawa, nagnakaw ng halik dito saka iniharap ang katawan niya para papunasan dito. Agad na lumapit si Michiko para punasan ang pawis ni Tob, sumunod naman ako para kunin ang pinaghubarang jersey ni Lee at abutan ito ng bagong shirt.

"Deib, oh," ani Kim. Sabay-sabay na napalingon sa kaniya ang lahat. Napatitig si Deib sa puting towel at shirt na iniaabot ni Kimeniah.

"Thanks," natural ang ngiti ni Deib. Halatang iniiwasan niyang tingnan kaming couples.

"Anong thanks? Aba, lumangoy ka naman, Mister Enrile!" asik ni Migz. **"Hindi pwedeng basketball lang, dapat may sisiran din,"** makahulugan aniya.

Natawa si Deib. **"Loko."**

"Aba, akala mo ay nakikipagbiruan ako? Halika!" Hinawakan ni Migz sa braso si Deib.

"Ano naman ang gagawin natin?"

"Lalangoy, ano pa ba? My god, 'wag mo sabihing ine-expect mong magiging lovers tayo dito?"

"What the hell?" inagaw ni Deib ang braso mula sa bakla.

"*Jiji* lang," nag-peace sign si Migz. **"Sisiran ang game."**

"Dagat 'yon, ano ang ipapasisid mo?" angil ni Deib.

"Si BJ." Itinuro pa ito ni Migz. Naghagalpakan kami sa tawa. **"Malaki ang bakla kaya hindi ka mahihirapan."**

"Ayoko, ang bigat niyan."

"Nasa tubig naman, gagaan 'yan!"

"Ayoko."

"Hindi mo naman ako bubuhatin, 'no!" angil ni BJ, siniringan si Deib Lohr. Panay lang ang pagtawa naming nakikinig.

"Tch, sa bigat mo kasi ay paniguradong lulubog ka at sa malalim mapupunta. Pagod na 'ko," nakangiwing ani Deib. **"Mag-swimming na lang tayo."**

"Yehey!" sigaw ng dalawang bakla. **"Actually, yayayain ka lang naman talaga naming mag-swimming. As if naman papayag akong magpasisid sa 'yo?"** mataray na ani BJ. **"Hello? Virgin 'to, 'no!"**

Nang hapong iyon ay nagsama-sama kami sa dagat. Nagkarera at naglaro ng tug of war sa tubig. May sandali ring nagkwentuhan hanggang sa magdilim.

Nang gabing iyon, bagaman madalas na tahimik, nakikita ko nang ngumingiti si Deib Lohr. Makakangiti na sana ako, matutuwa. Kaso nang maalala ko si Maxpein ay bigla iyong nawala. Wala akong balita, hindi ko alam kung ano na ang nangyari. Panandalian ko iyong nakalimutan dahil sa pagsasaya namin. Tuloy nang gabing iyon ay hindi ko nagawang makatulog.

KINABUKASAN pagkabalik sa Laguna ay mukha ni Tita Heurt ang sumalubong sa 'min. Inihatid kami nina Randall, Deib Lohr, Lee at Tob sa mansyon ng mga Moon.

Nakamaang akong bumaba sa sasakyan. At wala pa man siyang sinasabi ay pinangiliran na ako ng luha. Dahil sa hitsura ni Tita Heurt, pakiramdam ko ay alam ko na kung ano ang nangyayari.

Mugtong-mugto ang mga mata niya. Sa iilang araw na hindi kami nagkita ay parang bumagsak ang kaniyang timbang. Bakas ang kawalan ng tulog at mukhang pagod na pagod.

"Tita..." usal ko. Ngunit sa ilang dipang layo namin sa isa't isa ay paniguradong wala siyang narinig.

Nilingon ko si Deib Lohr na noon ay inosenteng nakatingin kay Tita Heurt. Isinara niya ang pinto ng kotse at saka naglakad papunta sa tabi ko. Nakatingala pa rin siya kay tita at pinagtatakhan ang hitsura nito.

"Ipasok na natin 'tong gamit niyo para makauwi na kami," ani Deib Lohr.

"Teka," agad kong pigil sa kaniya nang buhatin niya ang isa sa mga maleta. **"Wait, Deib...please wait."**

Mabilis na nangunot ang noo niya at napatitig sa 'kin. Binitiwan niya ang maleta at umayos ng tayo. Patuloy niya akong tinitigan at sa sandaling iyon ay hindi ko na napigilan ang maluha. Nabitiwan ko siya at saka ako nagbaba ng tingin.

Naramdaman ko ang titig ni Deib, muli ko siyang nilingon nang alisin niya iyon sa 'kin. Nakita ko siyang tumingin at tumitig kay Tita Heurt.

Iyong titig niyang inosenteng-inosente, walang emosyon pero alam mong nasasaktan. Gano'n na gano'n si Deib Lohr ngayon.

Pakiramdam ko ay isa-isa niyang hinuhulaan ang sitwasyon. **"What?"** tanong niya, iginala ang paningin sa lahat para lamang magulat.

Binigyan niya kami ng ikalawang tingin isa-isa habang lalong kumukunot ang noo niya. Napatitig siya sa 'kin, namumuo na ang galit. Nilingon niya si ate at binigyan ng nangunguwestyong tingin. Saka niya nilingon ang tatlong lalaki na hindi na magawang lumayo sa sasakyan. Pawang nakayuko ang mga ito at hindi magawang salubungin ang masamang tingin niya.

Tinapunan niya uli ako nang masamang tingin saka tiningala si Heurt. **"What's going on?"** nawarak agad ang tinig ni Deib Lohr.

Matagal siyang nakipagtitigan kay Tita Heurt hanggang sa siya rin ang sumuko. Pasugod niya itong nilapitan dahilan para aligaga kaming mapasunod.

"Tita..." nagmamakaawa na agad ang tinig ni Deib Lohr, gumagaralgal at nakakahawa. **"Nasa'n si Maxpein?"** gano'n pa rin kagaling ang pagpipigil niya ng luha.

Nanginginig ang kamay ni Tita Heurt nang iangat niya. Marahan niyang hinaplos ang pisngi ni Deib Lohr at doon nagsimulang lumuha.

"She died peacefully," pabulong na ani Tita Heurt saka binitiwan ang pisngi ni Deib Lohr.

Pare-pareho kaming natulala at hindi nakapagsalita. Gulat ang bumalot sa amin, ang lahat ay natulala. Hindi malaman ang sasabihin.

~ To Be Continued. . .~

t

OceanofPDF.com

CHAPTER 233

DEIB'S POV

"HINDI 'YAN totoo," napapangiting sabi ko kay Tita Heurt.

Ngunit sa halip na sagutin ako ay tumitig siya sa akin at lumuha. Nang hindi na ako makapagsalita ay sinalubong niya ako ng mga braso at biglang niyakap. Hindi ko magawang umiyak, naiwan akong tulala.

Hindi ko maintindihan, gusto kong kumawala. Alam ko namang ganoon ang mangyayari, ilang beses nang sinabi sa 'kin 'yon. Nabuhay, huminga at nagpatuloy ako ng ilang araw, linggo, buwan nang alam ang tungkol do'n. Kahit mahirap ay pinilit kong intindihin. Kahit na masakit ay sinikap kong tanggapin. Dahil nandoon na. Naiintindihan ko at tanggap kong hindi ako sapat para matigil iyon, para hindi iyon mangyari. Alam ko na ang mga dahilan. Alam ko na ang mga batas nila. Lahat ay alam ko na. Pero bakit ngayong nasa harap ko na ay saka ko nararamdamang hindi ko pa tanggap? Hindi ko na naman maintindihan. Hindi na naman ako makapaniwala. Alam ko sa sarili kong hindi na ako umaasang mauudlot 'yon. Aminado akong hindi na ako humiling na sana ay magbago ang desisyon ng batas nila. Dahil ang mga katotohanang nalaman ko ay inalisan ako ng kakayahang lumaban. Dahil nakumbinsi ko ang sarili kong kailangan ko itong pagdanan at tanggapin na lang. Dahil hindi mababago ng pagmamahal ko kay Taguro ang batas na ilang taon na nilang nakasanayan at sinunod nang buong-puso.

Iba pala talaga kapag nandiyan na, kapag nasa harap mo na, kapag narinig mo na, kapag nangyari na. Ibang-iba. Wala kang ibang magagawa kundi ang magsisi na lang dahil wala kang ginawa. Wala kang ibang mararamdaman kung hindi galit dahil wala kang magawa.

Nangilabot ang buong katawan ko nang marinig ko ang iyak ng iba pang naro'n. Nanghina ang mga tuhod ko, dahan-dahan akong napadausdos paupo sa semento. Iba ang pakiramdam, noon ko lang naramdaman at hindi ko mapangalanan. Napuno ng katahimikan ang sandaling iyon. Walang nakapagsalita dahil ang lahat ay naiyak na lang.

Nangibabaw sa isip ko ang mga plano kong isa-isang balikan ang mga lugar na pinuntahan namin ni Taguro. At sa huli ay pupunta ako sa BIS, sa

mismong floor kung saan kami unang nagkita. Pero mukhang hindi ko na magagawa pa lahat iyon. Dahil sa sandaling iyon ay gusto ko nang tumakbo agad papunta sa school.

Para akong mababaliw. Hindi ako makapaniwala, sa isip ko ay hindi talaga ako naniniwala. Pero may kung ano sa akin mismo ang nagsasabing totoo iyon. Nasasaktan ako. Hindi ko naisip na posible palang magpatong-patong ang matitinding sakit na nararamdaman ng isang tao. Malas nga lang dahil ako 'yon mismo. At hindi ko akalaing posible palang mabuhay, huminga at makapag-isip nang may gano'n katinding sakit na bitbit sa dibdib.

Binalot ako nang matinding takot. Hindi ko alam ang gagawin. Nanlamig ang mga kamay ko, may kung anong ugong sa pandinig ko. Ang paghinga ko ay lalalim at biglang bumababaw. Hindi na normal ang daloy ng buo kong katawan.

Matagal kaming nanatiling tahimik hanggang sa magdesisyon sina Lee at Tob na iuwi ako. Masiyado silang nag-aalala sa lagay ko. Tulala akong nakarating sa bahay. Naririnig ko silang nagpapaliwanag sa mga magulang ko pero wala na akong maintindihan pa. Ang buong bahay ay napuno ng hagulgol at pag-iyak. Ang katotohanang hindi ko alam kung paanong sasabihin at ibabalita sa kanila, sa iyak pa lang ay mukhang alam na nila.

Namanhid ang buo kong katawan. Bigla ay parang wala akong maramdaman. Huminto ako sa pag-iyak pero sa loob ko ay patuloy akong lumuluha at dumurugo. Hindi ko na kailangan pang sabihin at ipaalam na nasasaktan ako. Dahil ako mismo ay nararamdaman ang nag-uumapaw kong emosyon. Hindi ko alam ang gagawin. Naupo lang ako sa sofa at tumulala sa kung saan.

Nang sandaling iyong ay kinuwestiyon kung bakit kailangang maging maayos ang sitwasyon ko at siya ay hindi. Kinuwestiyon ko kung bakit kailangang maiwan ako. Kung bakit hindi pwedeng magkasama na lang kaming pareho. Nang sandaling iyon ay kinamuhian ko ang bawat segundong pumapatak nang humihinga ako. At nang gabing iyon ay dumaan nang hindi ko na nararamdaman o nakikita ang paligid ko.

"DEIB? DEIB LOHR, anak, wake up." Kinabukasan ay nagising ako sa boses ni mommy.

Marahan kong iminulat ang mga mata ko at matamlay na tumingin sa kaniya. Hindi ako natulog. Ngunit hindi ko kinaya ang magmulat. Dahil kahit saan tumutok ang paningin ko ay nakikita ko si Taguro. Gumalaw ang

mga balikat niya kasabay ng pagluha. Tumitig siya sa 'kin na para bang awang-awa. Hindi ko nagawang makapagsalita.

"We're leaving, anak," sinisikap niyang pigilan na mahikbi mayamaya. **"Pupunta tayo sa BIS. We will...p-pray for Maxpein's soul, anak. Tayo ng mga close friends ninyo,"** pahina nang pahina ang tinig niya, napakabagal magsalita. Tila ba nag-aalinlangan kung matatanggap ko ba ang nasabi niya na. **"Anak?"**

Malungkot akong tumingin sa kaniya saka matamlay na tumango. Marahan akong bumangon at bahagyang nagulat nang yakapin niya ako. Sandali siyang humagulgol sa pag-iyak saka pinatahan ang sarili. Bumitiw sa 'kin si mommy, pinunasan ang sariling luha saka humarap sa 'kin. Pinagmasdan niya ang kabuuan ng mukha ko, ang bawat sulok niyon ay lumuluha niyang tiningnan. Napailing siya saka muling naiyak pero agad niya rin iyong pinigilan.

"Ang pagmamahal, anak, ay may mga dahilan na ang dahilan mismo ay hindi maipaliwanag at maintindihan." Dinampot ni mommy ang kamay ko saka iyon inihaplos sa mukha niya. **"I know we never truly understand what you're going through, Deib Lohr. Pero huwag mo kalilimutang narito kaming lahat, lalo na ako, anak. Kaya mo man o hindi, nandito ako para sumalo sa iyo. Okay?"** halos hindi na siya makapagsalita nang magsimula siyang humikbi.

Wala na akong mailabas pang emosyon. Wala nang nangingilid na luha, hindi na rin gumuguhit at umaalon ang sakit sa dibdib ko. Wala na ang maliliit na tila na karayom na tumutusok sa buo kong ulo. Wala akong maramdaman kahit ano pa ang kaniyang sabihin, kahit na ano pa ang aking isipin.

Nagbaba ako ng tingin sa mga kamay kong nanginginig sa hindi malamang dahilan. Bumuntong-hininga ako 'tsaka bumangon. Wala sa sarili akong kumilos papasok sa banyo. Humarap ako sa banyo at tulalang tumitig sa malamig na tubig na ibinubuhos ng shower. Gusto kong umiyak pero wala nang lumalabas na luha sa mga mata ko.

Pasensyosong naghintay sa 'kin ang pamilya at mga kaibigan ko. Lahat sila ay mga nakaputi. Gusto kong mahiya itim na mandarin collar shirt na suot ko, na hindi ko man lang naglaan ng sandali para i-tuck iyon sa slacks ko.

Sina Manang, mommy at daddy ang tanging sumalubong sa tingin ko. Ang mga kaibigan ko, maging si *Noona* ay hindi ako magawang tingnan.

Basta na lang ako nagbaba ng tingin at sumabay papalabas sa kanila.

Habang nasa sasakyan naman ay itinuon ko na lang sa daan ang paningin ko. Pero alinman sa madaanan namin ay tila hindi ko na makita. Blangko ang isip ko, maging ang aking nararamdaman.

Kung gusto mo akong maalala, balikan mo ako sa lugar kung saan tayo unang nagkita...

Napapikit ako nang maalala ang mga huling salitang binitiwan ni Maxpein sa 'kin. Paulit-ulit iyong umugong sa pandinig ko. Paulit-ulit hanggang sa masaulo ko. Para bang nasa harapan ko siya at sinasabi iyon. Ibinubulong niya, sinasabi, ipinaiintindi.

Papunta na 'ko ro'n, Taguro. Makikita ba kita?

Napabuga ako nang malalim na hininga saka idinantay ang batok ko sa kinauupuan. Tiningala ako ang mapayapang ulap. Alinman sa langit ay hindi sinasaluhan ang aking nararamdaman. Para bang napakasigla nito, walang nagbabadyang bagyo.

Wala na akong mailuha pa anumang bigat at lungkot na maramdaman ko. Nangungulila ako sa masakit na paraan, libo-libo ang dahilan. Pero hindi na no'n mailabas ang emosyon ko. Parang nasimot ako sa isang gabing iyakan.

Nang makarating kami sa BIS ay gusto kong magulat, pero hindi ko magawa. May mga silya nang nakahanda, para sa amin ng pamilya ko, mga kaibigan at mga dating kaeskuwela. Sa harap niyon ay may mababang entablado, sa gitna ay malaking larawan ni Taguro na pinalilibutan ng mababangong bulaklak. Iba't iba ang kulay niyon at talaga namang pinagaganda lalo ang larawan. Pero hindi makuhang matuwa, ang pagtitig lang sa mukha niyang nasa litrato ay parang kutsilyong dahan-dahang dumiriin sa 'kin. Umuukilkil ang sakit pero wala akong magawa kundi ang lumunok, umiling at bumuntong-hininga. Paulit-ulit lang na gano'n. Ako mismo ay nararamdaman ang tamlay ko.

Pinunasan ko ang mata ko nang may duming dumapo. Napabuntong-hininga ako saka naglakad papunta sa silyang nasa unahan. Umupo ako sa mismong harapan kung saan kitang-kita ko ang mukha ni Taguro. Natatandaan ko ang bawat kanto ng mukha niya. Walang parte ro'n na hindi ko tanda. Lahat ay saulo ko. Iyon naman ang gusto ko, ang masaulo ang lahat ng anggulo ng mukha niya. Kaya siguro hindi ko siya matigilang tingnan, hindi ako makontento sa sandaling tingin.

Kung gusto mo akong maalala, balikan mo ako sa lugar kung saan tayo unang nagkita...

Pakiramdam ko ay sa sandaling ito lang ibinubulong sa 'kin ni Taguro ang mga salitang 'yon. Naririnig ko siya sa tabi ng aking tainga. Nararamdaman ko pa maging ang mainit niyang hininga.

Napapikit ako at naging emosyonal. Walang nagbabago sa nararamdaman ko. Siya pa rin ang hinahanap-hanap ko. Ang kulang sa buhay ko. Ang nagpapaganda sa buhay ko. Ang kulay ng aking buhay.

Gusto kong balikan ang lugar kung saan kita unang nakita, Taguro.

"Ano ba kasi ang nangyari?" dinig kong bulong ng kaeskuwela naming malapit sa kinauupuan ko. Gumagaralgal ang tinig ng babae, naiiyak sa pagkabigla at kawalan ng kakilala.

"Walang makapagsabi kung ano ang nangyari, nabalitaan ko na lang kung ano ang nangyari kay Maxpein," sagot naman ng kasama nito, walang bahid ng arte sa pananalita, hindi ako sanay.

"Nakakalungkot, nakakatakot," nagsimulang humikbi ang isa pang babae. **"Noong una ay si Lovemir, ngayon naman ay si Maxpein. What's going on?"**

"I was also shocked," mahihimigan ang takot sa isa pang nagsalita. **"Hindi ko tuloy maiwasang maisip na may kinalaman sa kanilang dalawa ang nangyari. Like, they're connected to each other, something like that. My dad told me na walang pulis dito sa Laguna ang humawak sa gano'ng kaso. You know naman my dad, he's very influential, pero tingnan mo, he knows nothing about this. Napaka-mysterious tuloy."**

"Siguro ay may kinalaman 'to ro'n sa mga nangyari in the past." Batid kong iyong mga insidenteng may kinalaman sa mga Rewis ang tinutukoy nito. **"Nakakatakot. Bakit kailangang madamay sila? They're far too young to pass away."**

"But I was wondering why wala si Lovemir? I mean," humina ang tinig ng babae. **"Bakit si Maxpein lang? Schoolmate din naman natin si Lovemir, hindi ba?"**

"Oo nga." Iyon pa lang ang nasasabi ay tila nanghuhusga na ang tinig ng isa pa sa grupo ng schoolmates ko. **"Siguro talagang may kinalaman sa kanilang dalawa ang nangyari. Oh, my god! Baka nagkasakitan sila at...nauwi sa ganito? Hindi kaya?"** Wala nang nakasagot pa sa kaniya.

Nagbaba ako ng tingin sa mga kamay ko. Kung wala siguro akong nalalaman ay gano'n ako kainosente sa tulad nila. Kung kani-kanino ibibintang ang mali dahil wala naman akong alam. Malulungkot at

matatakot, posibleng pag-isipan ko pa nang masama ang mga Moon, dahil sa pagiging inosente ko at mapanghusga. Pero dahil may nalalaman ako ay wala akong maramdaman kundi lungkot.

Naramdaman ko nang maupo sina mommy't daddy sa tabi ko. Sa tabi ni mommy ay naro'n si *Noona*. Sa likuran naupo sina Randall at RD, maging ang mga kaibigan namin ni Taguro. Nasa hulihan ang mga schoolmates namin na wala pa man ay hindi na mahinto sa iyakan. Napalingon ako nang dumating sina Michiko, BJ at Migz, pare-parehong humihikbi papalapit sa kinaroroonan namin. Naupo sila at maingay ang pag-iyak. Kaya naman muli ko na lang itinuon ang paningin ko sa larawan ni Taguro. Sa isip ko ay nanumbalik ang mga pinagdaanan ni Taguro sa kamay ko at sa iba't ibang tao rito. Kung paano ko siyang binully, kung paano siya na-bully, kung paano siyang hinangaan sa huli. Kung paano ko siyang nagustuhan, kung paano ko siyang iniwasan, kung paano ko siyang hinabol, kung paano ko siyang niligawan kahit sandali lang, kung paano naging kami sa hindi inaasahang paraan.

Sa kaniya ako humugot ng lakas. Inalala ko kung gaano katagal bago siya sumuko. Binalikan ko kung gaano siya kagaling lumaban. Inalala ko kung gaano siya kabuting tao. Binalikan ko kung gaano kaikli ang pasensya niya. Inalala ko kung gaano siya sa katotoo sa akin. Binalikan ko kung gaano kalaki ang tiwala niya sa akin.

Hindi man lang natinag sa pagtitig kay Taguro ang paningin ko nang sumampa sa entablado si Lolo Dei Min. Lumapit siya sa mikropono, makailang beses na bumuntong-hininga bago pa nakapagsalita. Naririnig ko siya, naiintindihan, pero wala akong lakas para tutukan. Sa sandaling iyon ay si Taguro lang ang umiiral sa 'kin. Hindi mahigitan ng utak ang puso ko. Ang emosyon ko ay pinapatay ang lahat ng kakayahan ko. Ngunit alinman sa emosyong nangingibabaw sa 'kin ay hindi ko na makilala. Masiyadong matindi, pinamamanhid na ang buo kong katawan.

Nagsisimula pa lang manalangin ay gumagaralgal na ang tinig ni lolo. Sa sumunod niyang linya ay naluha na siya. Binanggit niya kung gaano kabuting tao si Taguro. Binanggit niya kung paano siya naging parte ng buhay namin. Binanggit niya kung ano-ano ang mga natutunan namin sa kaniya. Binanggit niya kung ano-anong paghihirap at pagsubok ang dumaan sa pareho naming pamilya.

Nagbaba ako ng tingin nang banggitin na ni lolo ang tungkol sa pagtanggap. Pagtanggap na wala na ito at nasa malayo nang lugar na hindi

maaabot nang sinumang buhay na tao. Ipinagpasalamat ni lolo ang lahat, nagawa man o hindi ni Taguro. Paulit-ulit niyang pinasalamatan ang lahat ng aming pinagdaanan nang magkasama.

At gusto kong maluha nang isama ako sa panalangin ni lolo. Ngunit sadyang ubos na ang luha sa mga mata ko. Natuyo nang para bang durugo na ang mata ko kapag piniga ko.

Palibhasa'y tungkol kay Taguro kaya tutok ang pandinig ko. Hindi ko pa rin magawang lumuha, hindi ko alam kung bakit. Ang tanging alam ko sa sandaling iyon ay hinihiling kong sana ay hindi ito totoo. Na walang totoo sa anumang nangyayari sa harap ko. Na sana ay nananaginip lang ako. Na sana ay bumalik na lang kami sa dating gulo. Mas gugustuhin kong maging target siya at ako ang kinamumuhian niyang bully. Pero masiyado iyong imposible. Sobrang imposible na para bang hinihiling kong bumagyo sa gitna nang mainit na disyerto.

Kung gusto mo akong maalala, balikan mo ako sa lugar kung saan tayo unang nagkita...

Muling binuhay ng laman ng isip ko ang emosyon at sakit sa puso ko. Dahan-dahan akong tumayo at wala sa sariling naglakad papalayo sa pamilya ko. Hanggang sa matagpuan ko na lang ang sariling kong umaakyat sa building kung saan ko unang nakita si Taguro. Marahan akong umakyat, bawat hakbang ay lalong bumibigat. Natatandaan ko pa ang pakiramdam. Sariwa pa sa alaala ko ang lahat. Sinikap kong 'wag maiyak, sa sandaling iyon ay naramdaman kong may mailuluha na uli ako. Ipinangako ko sa sarili sa sandali ring iyon na hindi ako iiyak. Hindi ako magpapakita ng anumang kahinaan. Hindi ako maglalabas ng emosyon. Dahil lahat 'yon ay ayaw makita ni Taguro.

I am not going to cry. She doesn't want to see me crying. I'm not going to cry.

Huminga ako nang malalim. Panay ang kurap ng mga mata ko habang tutok na tutok iyon sa unang palapag na aakyatin ko bago marating ang floor na iyon. Muli akong huminga nang malalim at pabugang pinakawalan iyon 'tsaka ko inihakbang ang paa ko. Natigilan ako at napapikit nang umihip ang napakalamig na hangin sa kabila nang mainit na panahong iyon.

Taguro...Where are you now, babe?

Pagdilat ko ay para na akong naghahabol ng hininga. May kung anong pakiramdam na nabuhay sa loob ko. Pero muli ay nagmatigas ako. Kumapit akong maigi sa railings ng hagdan at saka nagpatuloy. Wala akong pakialam

kung gaano kabagal kong ginawa ang pag-akyat. Dahil ang mahalaga sa akin ay kung ano ang meron sa itaas. Kaya nagpatuloy ako nang may pag-asang bitbit sa dibdib.

Hanggang sa marating ko ang huling palapag kung saan ang susunod ay siyang patutunguhan ko. Huminto ako sa espasyo at hinarap ang mga natitirang palapag na kailangan kong akyatin bago tuluyang harapin ang classroom kung saan kami unang nagkabangga. Nangatal na lang bigla ang kamay ko, hindi ko na magawa pang ihawak sa kung saan 'yon. Nagsimulang mamasa ang mga mata ko, napailing ako para subukan muling pigilan iyon pero nabigo na ako. Sa sandaling iyon ay bigong-bigo na akong pigilan pa ang emosyong dumadaloy sa buong katawan ko. Nanghihina ako masiyado, lalo pa at nawala ang bumubuhay sa lakas ko.

Taguro... Makikita ba kita dito, babe?

Iyon ang naging dahilan nang tuluyang pagtulo ng mga luha ko. Ang mga luhang kanina palang ay pinipigilan ko na. Hindi ko na magawang pigilan iyon ngayon dahil nararamdaman ko ro'n ang presensya niya. At ayaw kong magkamali. Hinihiling kong sana ay hindi ako nagkakamali. Gusto kong umasa na meron akong makikita. Kailangang makita ko siya ro'n.

I can feel that you're here, waiting for me. I know for sure that you'll be back for me wherever you are. You can't leave me, babe. I know you can't. Where are you, babe? Where are you?

Pinilit kong umakyat nang luhaan at may naninikip na dibdib. Dahil nando'n sa loob ko ang pag-asa, umaasa akong sa hallway na 'yon ay makikita ko siya. Mararamdaman. Maamoy. Makakausap. Mayayakap. Lahat.

Gusto ko siyang makita. Gusto ko siyang maramdaman. Gusto ko siyang maamoy. Gusto ko siyang makausap. Gusto ko siyang mayakap. At alam ng Diyos kung gaano ko hinihiling na ang inaasahan kong iyon ay magkatotoo ngayon kahit pa milagro na lang nasa likod no'n.

Panay ang pagpahid ko sa luha sa bawat hakbang na ginagawa ko. Kasunod nang paglunok ay ang paghigop ko ng hangin gamit ang bibig. May kung anong nakabara sa lalamunan ko at lalo akong nahihirapan nang dahil do'n.

Nagpatuloy ako upang mapagtanto lamang na ang hallway na siyang tanging pag-asa ko ay blangko, tahimik at napakalamig. Napaluhod ako nang makitang walang Taguro ro'n. Walang naghihintay sa 'king Taguro.

Walang Taguro na sosorpresa sa akin at bubuhay muli sa saya sa puso ko. Wala na talaga si Taguro.

Doon ay nilamon ako nang napakatinding sakit. Lalong bumuhos ang emosyon sa kalooban ko. Ang bawat parte ng katawan ko ay umiiyak at nasasaktan. Napaupo ako at nagsusuntok sa sakit na para bang maalis no'n ang bigat sa aking dibdib. Yumuko ako sa mga braso ko at doon lalong umiyak. Wala akong pakialam kung may makakita sa akin bagaman iilan lang kaming tao ngayon dito sa buong campus. Hinayaan ko lang ang sarili kong umiyak nang umiyak.

"Deib Lohr," mula sa likuran ko ay nagsalita si daddy. **"Deib Lohr, anak,"** garalgal ang tinig niya. Naramdaman ko nang yukuin niya ako, at mula sa likuran ay yakapin. **"You have to be strong, son."** Pabulong na sinabi ni daddy iyon ngunit ang diin ay naroon, nangangaral, nag-uutos, sumusuporta.

Hindi ko napigilan ang emosyon ko, masiyadong marami, masiyadong mabigat, masiyadong masakit. Simula sa umpisa hanggang sa mawala siya, wala akong naging silbi kundi ang umiyak. Paulit-ulit kong nasabi at naipakita sa kaniya kung gaano ko siyang kamahal, pero kulang na kulang ang naiparamdam ko kay Taguro. Lahat nang iyon ay pinagsisisihan ko na ngayon. Gano'n pala talaga 'yon. Kapag wala na ang taong mahal mo, parang pelikulang rorolyo ang lahat ng eksena ninyo sa utak mo, ipinapakita at ipinapaalala kung ano-ano ang mga nawala sa 'yo.

Yumakap ako kay daddy hanggang sa huminto ang pagtulo ng mga luha, pawang ubo na lang ang lumalabas sa aking bibig. Saka ako dahan-dahang nag-angat ng tingin upang muli lamang maluha.

"Sinabi niya sa 'king kung gusto ko siyang maalala," mabagal kong sinabi habang ang paningin ay tutok sa natatandaan kong lugar kung saan siya nadapa. Kumibot-kibot ang mga labi ko nang tila ba pelikulang lumabas bigla sa paningin ko si Taguro. Lumingon siya sa 'kin at matamis na ngmiti. Napapikit ako sa sakit. **"Bumalik ako sa lugar kung saan kami unang nagkita. Dito 'yon, dad. Dito 'yon. Pero wala siya, eh. Wala siya."**

Naramdaman ko ang pagpapakawala ni daddy sa malalim na hininga. 'Tsaka siya tumango-tango. **"Maalala, anak, maalala,"** panimula niya saka pinakahigpitan pa ang pagkakayakap sa 'kin. **"Hindi niya sinabing makita,"** pinagkadiinan niya ang huling salitang sinabi.

"Oo nga," sinabi ko iyon kasabay nang pagbuga nang malalim kong hininga, pakiramdam ko ay sumama ang dibdib ko. Napakalungkot ng pagsang-ayon ko, sa tinig at tunay kong nararamdaman. Humugot ako nang malalim na hininga saka umiling nang umiling.

"I know you're scared and hurt. I am telling you that it'll be hard, son. It'll be very painful." Tinapik ni daddy ang likuran at balikat ko, mabagal ang nangangaral na pananalita. 'Tsaka niya ako hinarap at tiningnan sa mga mata. **"Pain isn't always a bad thing, Deib Lohr. But you have to be strong while you're in the middle of the storm. You are going to want to give up, don't. Because this too shall pass, son. You will never face this alone, I am with you."** Sinabi niya iyon nang titig na titig sa mga mata ko, emosyonal, tila ba damdamin at puso niya ang kausap ko. **"And once the bleeding stops go back to what's good and what's always there. By then, still, I'll be there, walking with you, son."**

Naihilig ko ang noo ko sa kaniyang balikat, tahimik akong lumuha. Masakit. Napakasakit. Pero wala akong magawa dahil sa dami ng pakiramdam ay iyon na lang ang pwede kong maramdaman.

Halos buhatin ako ni daddy mapatayo lang ako. Hindi ko na siya pinahirapan pa, nakisama ako. Iika-ika sa hindi maipaliwanag na dahilan, at sobra-sobra ang panghihina. Sa sandaling iyon pakiramdam ko ay wala nang direksyon ang buhay ko. Ni hindi ko man lang naisip na matapos ang seremonyas ay uuwi na pala kami. Pakiramdam ko ay hindi ko na iniintindi kung saan nila ako dalhin.

Tahimik ang lahat nang muli kaming makabalik sa bahay. Walang nakakilos. Lahat ay naupo sa sala at hindi kumibo. Pare-pareho kaming emosyonal, nalulunod sa sakit at lungkot. Kani-kaniya kami ng iniisip. Pero alam kong ako lang ang tanging nag-iisip nang solo kay Taguro. Dahil ang lahat ng kasama ko ay hindi lang siya ang iniisip, kundi pati ako.

"I'm..."

Tumayo ako matapos lamang umupo, naagaw ko ang atensyon ng lahat. Pagulat pa silang tumingin sa 'kin na para bang tutok na tutok sila sa bawat galaw at kilos ko.

Tumingin ako sa kay mommy. **"I'm going to my room...mom."** Nag-iwas ako ng tingin matapos no'n. Nakakailang ang malulungkot nilang tingin sa 'kin. Nakakalunod ang awa na nararamdaman ko mula sa kanila.

"I'll stay with you," presinta ni daddy.

Nakangiti akong bumaling sa kaniya. **"It's okay, I'm okay, dad. I...want to be alone."**

Nagkatinginan sila ni mommy bago iiling-iling na bumaling muli sa 'kin si daddy. **"I'll check you from time to time, okay, big boy?"** pilit ang sigla niya.

Tipid ang ngiti kong tumango saka ako bumuntong-hininga. **"Thanks for today, everyone,"** sinulyapan ko ang ilan sa mga kaibigan ko bago ako dumeretso sa taas.

Mabagal ang bawat hakbang ko. Talaga palang gano'n kapag nawawalan ka ng mahal sa buhay, ang bawat kanto na tamaan ng paningin mo ay makikita mo siya. Naro'n siya. Nakatingin sa 'yo. Masaya. Nakangiti at nagpapaalala na kailangan mong magpatuloy kahit na wala siya. At ang masakit, at paulit-ulit na mananakit, ay ang katotohanang wala kang magagawa.

Marahan akong pumasok sa kwarto ko, nakababa ang tingin. Maging ang pagsasara ko ng pinto ay mabagal, hanggang sa mga hakbang ko papalapit sa kama. Dahan-dahan pati na ang pag-upo ko sa kama.

Ipinako ko ang pareho kong siko sa tuhod saka pinaghawak ang pareho kong kamay. Sa isip ko ay tinandaan ko kung anong hitsura ng kamay ko habang hawak iyon ni Taguro. Ang pagkakakrus ng mga daliri namin ang isa sa pinakamagandang alaalang natatandaan ko. Iba kasi ang pakiramdam no'n. Natatandaan ko ang pakiramdam ng maliliit na kuryenteng dumaloy sa buo kong katawan nang hawakan niya ang kamay ko sa unang pagkakataon. Kung para sa kaniya ay wala lang 'yon, iba naman ang pakiramdam na idinulot sa 'kin no'n. Para bang sa sandaling iyon, sa pamamagitan no'n, ipinaalam niya sa 'kin na hindi ako mag-iisa, dahil nando'n siya.

Napabuntong-hininga ako at pinaghiwalay ang mga kamay ko. Napakamot ako sa sentido, ngunit kasabay niyon ay ang pagkibot na naman ng mga labi ko. Ang pag-iinit ng mga mata ko at pagbigat ng noo ko.

Mula sa sentido ay dumeretso ang kamay ko patakip sa mga mata ko. **"Mag-isa na 'ko ngayon, Taguro. Wala ka na sa tabi ko."** Naramdaman ko ang paggalaw ng mga balikat ko nang bumuhos bigla ang emosyon ko.

"My god, Deib Lohr," umalingawngaw bigla ang tinig ni mommy, tamang-tama dahil sa sandaling iyon ay alam kong kailangan ko ng isang tao sa tabi ko.

Bago pa siya makahawak sa 'kin ay yumakap na ako sa kaniya. At doon ay umiyak ako na parang bata. **"Bakit kailangang maging ganito, mom?"**

nagsusumbong kong sabi. **"Bata pa lang ako ay ganito na ang pakiramdam ko, bakit?"**

"Anak..." Hinagod-hagod niya nang mabilis ang likuran ko habang inaaalo ako. Alam kong kapag gano'n ay hindi niya alam kung ano ang gagawin niya sa akin. Kilala ko si mommy, siya iyong tipo nang pagdating sa akin, nauuna siyang masaktan. Nauuna siyang manghina. Nauuna siyang umiiyak. Ngunit ayaw ko man no'n, kahit pagiging makasarili, kailangan ko iyon. Kailangan ko siya ngayon.

"Ipinanganak akong may sakit, lumaki tuloy ako nang limitado ang mga kilos. Napakaraming bawal, napakaraming hindi pwede." Humiwalay ako sa kaniya at pinahid ang sarili kong luha. **"Hanggang ngayon ay gano'n."** Tiningnan ko ang mga palad ko at kinuwestyon sa isip ang mga 'yon. Kuwestiyon na alam kong tanong pero hindi ko naintindihan kung ano. **"Kung kailan bago na ang puso ko, doon ko pa naramdaman ang mas matinding sakit kompara sa nararamdaman ko noon. Kung kailan masaya na ako, ganito pa ang nangyari."**

Hindi niya malaman ang sasabihin. Malungkot siyang tumitig sa 'kin. Alam kong gusto niyang umiyak, pero para sa 'kin ay matindi ang pagpipigil niya sa sarili. Dahil kung magiging marupok din siya ay wala nang aaalalay sa pagiging mahina ko.

"Kung naging mas mabait kaya ako, magiging ganito ang lahat?" inosenteng tanong ko, hindi niya inaasahan. **"Siguro hindi."**

"Don't say that."

Nagkibit-balikat ako saka malungkot na umiling. **"Over the years, I haven't changed much. Now I wish I was kinder,"** tumingin ako sa mga mata niya.

Umayos siya sa pagkakaluhod sa harapan ko at emosyonal na pinahiran ang mga pisngi ko. **"Anak, that is life, this is life,"** mahina ngunit mariin niyang sinabi, nagpapaintindi.

Tumulo ang isang patak kong luha saka napailing. **"I want her here. I want her back, mommy."**

"I know, I know," pinangingiliran ng luha niyang sabi. Tumingin siya sa noo ko, sa buhok ko at pinahiran nang pinahiran ang mga 'yon hanggang sa pisngi at leeg ko. **"Lahat tayo ay iyon ang gusto anak. But we have to rise up and start a new life, Deib Lohr. We have to keep going. Life goes on, anak, whether you move on or stay behind, life goes on. We cannot let the things we want makes us forget the things that we have, anak.**

We have to accept where we are in life, and make the most out of everyday. Let's stand in faith, Deib Lohr. Please?"

"Life is unfair, mom," kumibot na naman ang mga labi ko, umiinit ang palibot ng mga mata. **"Mas gugustuhin ko pang wala sa 'kin lahat ng materyal na bagay na meron ako, kesa 'yong ganito."**

"Don't say that," malungkot man ay nananaway ang tinig ni mommy. **"Life can sometimes be unfair, yes. But that is not a reason to give up on it. Because sometimes life is unfair in our favor, Deib Lohr,"** nagpapaunawang dagdag niya. **"Don't be bothered about whether life is unfair, focus on what you have. We're still here, anak. You have us. We're with you."**

Hindi ako nakasagot. Yumuko ako at muling sumilay sa paningin ko ang ngiti ni Taguro. *Patas ang mundo, pero hindi ang mga tao.* Bigla ay umalingawngaw sa pandinig ko ang tinig ni Taguro. Natatandaan ko pa kung kailan, kanino at saan niya sinabi 'yon.

"Gusto ko nang magpahinga, mommy," mayamaya'y sabi ko.

Matagal siyang tumitig sa 'kin saka tumango. **"Sige. Gusto mo bang bantayan kita?"**

Umiling ako. **"'Wag na. Kaya kong mag-isa."**

"Anak..."

"I'm not suicidal, mom." Nag-iwas ako ng tingin.

"Hindi naman gano'n ang iniisip ni mommy."

"Then, please," nakikiusap kong sabi. **"I want to be alone. I won't lock the door, I promise."**

Bumuntong-hininga siya 'tsaka tumayo. Hinalikan niya ako sa noo. **"Nasa kabilang kwarto lang ako, okay?"**

"I love you."

"I love you, too, anak. Good night." Hindi mawala ang tingin niya sa 'kin habang papalabas ng kwarto. Para bang sinisigurong matutulog nga ako, sinisigurong wala akong masamang gagawin sa sarili ko. Napailing na lang ako nang makalabas siya ng kwarto.

Nanatili akong gising nang gabing iyon. Nakatingin sa bilog na buwan na kitang-kita sa labas ng bintana. Malungkot, hindi man lumuluha. Ang tanging karamay ko ay si Tagsen na kahit anong mangyari ay hindi magsasawang ngumiti sa 'kin.

TAMA NGA ang sinabi ni mommy, nagpatuloy ang buhay ko kahit wala si Taguro. Dumaan ang mga oras, araw at ilang linggo nang humihinga ako,

nang wala si Taguro. Pero ang pakiramdam ay gano'n pa rin, masakit at lalong sumasakit.

I think I will live with this pain every moment of my life, babe.

Napabuntong-hininga ako sa naisip ko. May kung anong dahilan na nakapagpabangon sa 'kin dahilan para maiba sa mga nakaraan ang araw na 'to. Bigla ay parang gusto kong maramdaman ang malamig na hangin. Habang malamig, habang hindi pa nagbabadya ang init.

"Are you going somewhere?" nagugulat na tanong ni *Noona* nang makababa ako. Dumukwang lang ako sa bote ng malalaking cookies sa kitchen island at kumuha ng dalawa.

Sobra ang gulat na makikita sa mukha niya nang lingunin ko siya. 'Tsaka ko naisip kung ilang araw kaming hindi nagkita. Sina mommy't daddy lang ang madalas kong makita bagaman halos araw-araw sila kung dumalaw rito ni Randall at RD. Maging si Manang nga ay tulog ako sa t'wing pupunta sa kwarto, hindi ko rin masiyadong nakikita.

Kaya naman hindi na ako nagtaka kung bakit gano'n na lang ang gulat ni *Noona* matapos akong makita. Parang kay tagal mula no'ng huli kaming nagkaharap.

"Yeah, I'm going somewhere," sagot ko, pinalipad ang jacket papasuot sa katawan ko.

"Where?"

Nagkibit-balikat ako. **"Kung saan ako dalhin ng manibela ko."**

"Deib Lohr," pabulong niyang banggit, iniwan ang pagluluto para lumapit sa 'kin. **"Where are you going, *dongsaeng*?"**

Bumuntong-hininga ako. **"Diyan lang, mag-iisip-isip."**

"Can't you do it here?"

"Nabuburyo na 'ko dito."

"Hindi ka kasi lumalabas."

"Paulit-ulit lang naman ang makikita ko," malamyang sabi ko, natigilan siya. **"Lahat ng kanto sa bahay na 'to ay may alaala ni Taguro, *Noona*. Kaunting pang-intindi at pansariling sandali ang kailangan ko,"** paunawa ko.

"You're with your best friends, right?" umaasang tanong niya.

Ngumiti ako 'tsaka umiling. **"Nope."**

Nag-aalala siyang bumuntong-hininga. **"I'm coming with you, then."**

"I need this, *Noona*," hinawakan ko siya sa magkabilang balikat. **"I need some time alone."**

"Alam mong nag-aalala kami sa 'yo."

"I know," hinawakan ko siya sa mga pisngi. **"But I really need to do this, please."**

"Magpaalam ka kina mommy."

"They're not home, I guess," iginala ko ang paningin ko.

"Nag-grocery lang sila para sa birthday mo." Hinawakan niya ang mga kamay ko at pilit na ngumiti.

Lalo akong nalungkot pero hindi ko iyon ipinahalata. **"Okay, then. Ikaw ang magpaalam sa kanila para sa akin."** Kumaway ako papalayo sa kaniya.

"Deib Lohr, wait!"

"See you later, *Noona*! I'll be back before dinner."

Narinig ko siyang humabol pero nagdere-deretso ako papasok sa kotse ko. Sinenyasan ko si Manang na noon ay aligaga at hindi malaman ang gagawin nang bigla akong makita. Kinawayan ko siyang pagbuksan ako ng gate, nakita ko pa siyang mag-alinlangan ngunit nang paandarin ko ang makina ay nagtuloy siya. Hindi ko na siya binigyan ng pagkakataong kausapin ako, alam kong pipigilan niya lang din ako gaya ni *Noona*.

Sa sandaling iyon ay agad kong binago nang pilit ang mood ko. Nakangiti akong nagmaneho, maingat na tumitingin sa bawat kantong madaanan ko. Dumeretso ako papunta sa lugar na hindi ko alam kung saan ang tinutumbok. Basta na lang ako dumeretso.

Pinindot ko ang player, hindi na ako nagtaka nang boses ni Britney Spears ang umalingawngaw ro'n. Iba ang album na 'yon, kaya nasisiguro kong wala ro'n ang paboritong kanta kong makapagpapaalala lalo sa 'kin kay Taguro.

"*You might think that I won't make it on my own. But now I'm stronger than yesterday. Now it's nothing but my way. My loneliness ain't killing me no more. I, I'm stronger*." Iyon agad ang kantang bumuhay sa papasimulang magandang mood ko. Napangiti na lang ako.

Panay ang pagsunod ko sa beat nang sunod-sunod na masasayang kanta. Patuloy rin ang paglingon at pagngiti ko sa bawat lugar na aking madaanan. Natatandaan ko pa noong unang beses akong magmaneho papunta dito. Maging ang mga kasama ay natatandaan ko, isa na ro'n si Taguro.

Huli na nang mapagtanto ko kung saan ako dinala ng manibela ko. Nakangiti kong iginala ang paningin ko at paulit-ulit na bumuntong-

hininga. 'Tsaka ko pinatay ang player at inilabas ang CD ro'n. Dinukwak ko ang portable disc player ko at earpods saka ako bumaba ng kotse.

Welcome to Japanese Garden, Deib Lohr...

Tumayo ako sa harap ng wall kung saan nakaukit ang malaking pangalan ng lugar na iyon. Saka ko binalikan sa isip kung bakit hindi ko iyon nagawang tingnang maigi noon. Gusto ko na lang matawa nang maalala kong tinanong ko si Tobi kung pag-aari ba nila ito.

Pumasok ako at nakapamulsang naglakad-lakad sa loob. Katamtaman ang magkahalong init at lamig, hindi ako pinagpapawisan. Maganda ang panahon sa sandaling iyon. Halos mangalay ang leeg ko sa pagtingala sa matataas na punong madaanan ko. Ang anino ng mga ibon na nagliliparan ay halos matabunan ang liwanag ng araw sa mukha ko. Ang maingay nilang paghuni ay nagsilbing musika, bumuwag sa maugong kong pandinig. Napakasarap sa pakiramdam.

Napangiti ako nang muli ay makita ko ang torii. Ngunit naging dahilan iyon upang muling sumagi sa isip ko si Taguro. Ang torii na nakatayo papasok sa kanilang emperyo ay nagpakita sa paningin ko, maging ang kanilang simbolo. 'Sabagay, hindi ko naman na inaasahang mawawala pa siya sa isip ko.

Naglakad ako nang naglakad hanggang sa maisip kong paraiso na ang aking nilalakaran. Mabagal man ay narating ko rin ang man-made lagoon, na noon ay may kataasan ang tubig sa magkabilang gilid. Konektado iyon sa mahabang at mataas na hagdan kaya naman sa ibaba pa lang ay hindi ko na naiwasang makaalala.

Pinakiramdaman ko ang sarili ko kung gusto ko pa bang tumuloy ro'n at hindi ako nabigo. Pero bago iyon ay isinalpak ko na sa magkabila kong tainga ang earpods at pinatugtog muli ang album ni Britney Spears.

"*I love to hear you say that you love me with words so sweet. And I love the way with just one whisper you tell me everything. And when you say those words it's the sweetest thing I've ever heard*."

Pakiramdam ko ay masiyadong perpekto ang kantang iyon sa sandaling ito, habang inaakyat ko ang ilang baitang ng memorableng hagdan sa 'kin. Tuloy ay hindi na ako makapaghintay na makarating sa tuktok.

Ngunit sa sobrang bagal ko, halos natapos ko ang kantang iyon. Tila ba dinadasalan ko pa ang bawat baitang na inaakyat ko, sa sobrang tagal. May kung anong panghihinayang sa dibdib ko, at hindi ko alam kung bakit. Pakiramdam ko kasi ay noon ko lang naintindihan ang meaning ng kanta,

tuloy para bang bago iyon sa pandinig ko. Kahit na ang totoo ay ilang beses ko nang napakinggan ang album na ito. Marahil ay dahil lang sa pinagdaraanan ko kaya nagagawa kong tutukan ang bawat salitang binabanggit sa mga kantang pinakikinggan ko.

Bigla ay napangiti ako. *Kahit hindi gano'n kaganda ang boses ni Britney Spears ay magaganda ang meaning ng mga kanta niya. Bukod do'n ay magaling siyang sumayaw at maganda talaga. Parang si Taguro, hindi kagandahan sa una pero marami namang talento. Tch. Kontektado 'yon, Deib Lohr.*

"*Calling out your name, your face is everywhere. I'm reaching out to you to find that you're not there*." Umugong ang kantang iyon nang may ilang hakbang na lang ako bago makarating sa tuktok.

May kasunod na mahinang kabog ang bawat linya ng kanta. At sa hindi maipaliwanag na dahilan ay bigla akong kinabahan.

"*I wake up every night to see the state I'm in. It's like an endless fight I never seem to win*."

Napalunok ako sa natitirang dalawang baitang. Natitigilan kong inalala kung ano na nga ba ang tanong ni Taguro nang makarating kami ro'n. Ngunit tinanong ko rin ang sarili ko kung ako ba o si Taguro na ang nagtatanong nang sandaling iyon. Hindi ko na matandaan. Masiyado akong nilunod ng kanta, sa kakaibang paraan.

"*I can't go on as long as I believe. Can't let go when I keep wondering...Where are you now*?"

Sinalubong ako nang malakas at malamig na hangin nang sa wakas ay makahakbang ako papunta sa tuktok. Hindi ko maintindihan kung bakit hindi naman ako umasang makikita ko siya pero para akong nabigo nang paulit-ulit nang makita kong wala siya. Hindi ko maintindihan.

Taguro...

"*What have you found? Where is your heart when I'm not around? Where are you now? You gotta let me know. Oh, baby, so I can let you go...*"

Tumayo ako ro'n at tulalang tumingin sa dulo ng daan. Nakikita ko ang mga puno sa gilid ng mga mata ko pero hindi ro'n nakatutok ang paningin ko. Hindi ko na mapansin pa ang mga ibon. Ang kaninang magandang pakiramdam ay unti-unting namamaalam. Ang hanging kanina ay katamtaman, lamig na ang lumalamang.

"Umiiyak ka ba?" naalala ko ang tanong niya. Naaalala ko ang reaksyon niya nang sandaling iyon. Gulat na gulat at kahit maangas ay halatang hindi malaman ang gagawin. Maging ang eksaktong lugar kung saan siya nakatayo ay natatandaan ko. ***"Woi, umiiyak ka, 'no? Tsk tsk tsk. Katatapos ko lang mag-confess sa 'yo tapos napaiyak naman kita? Napakawalang kwentang girlfriend ko naman?"***

Napangiti ako sa alaala niya. *Naiiyak ko na naman, Taguro. Pero gusto kong malaman mo na hindi ko naramdamang wala kang kwentang girlfriend.*

"*I can hear your voice, the ring of yesterday. It seems so close to me but yet so far away. I should let it out to save what's left of me. And close the doors of doubt, revive my dignity*." Nagpatuloy ang kanta, tila ba hinihimay ang bawat emosyong meron ako sa katawan.

"Ang nag-iisang patakaran ng hambog na si Taguro ay maski isang beses ay hindi pwedeng masaktan ang kaniyang Sensui, sa kahit na ano at saang paraan. Hindi pwede." Nangilid ang mga mata ko nang maalala ko ang linya niyang iyon.

Ang batas ni Taguro... Napangiti ako. *Ikaw rin ang bumuwag no'n dahil nasasaktan ako. Ikaw ang dahilan kung bakit nasasaktan ako nang ganito, kahit hindi mo ginusto, kahit hindi mo kasalanan.*

"*I can't go on as long as I believe. Can't let go when I keep wondering...Where are you now? What have you found? Where is your heart when I'm not around? Tell me, where are you now? You gotta let me know. Oh, baby, so I can let you go...*"

Para na naman akong mababaliw sa pakiramdam nang sa isang mabilis ay tila naging isang pelikula ang aking paningin. Mabilis na rumolyo sa paligid ko ang alaala ng sandaling iyon namin ni Taguro.

Pinanood ko kaming dalawa. Nakita ko nang hawakan niya ang kamay ko, nang manginig iyon, at maisip ko kung gaano kalaki at katigas ang kamay niya. Natawa ako nang maalala ko kung paano kong ikinompara sa isip ang kamay niyang walang panama sa kamay ni Kim na sobrang lambot at makinis. Pero nangilid ang mga luha ko nang maisip ko sa sandaling iyon na ang kamay na iyon ni Taguro ang gusto kong mahawakan habang-buhay.

Paano pa mangyayari 'yon, Taguro? Iniwan mo 'ko...

Mabilis na nanlabo ang mga mata ko dahil sa mga luha. Pero hindi naging hadlang iyon para mahinto ang panonood ko sa alaala naming dalawa.

Nakita ko ang sarili kong maglabas ng camera at yayain siyang magpakuha. Hindi ako nahirapan, pumayag siya bagaman walang ekspresyon ang mukha.

"Tch! Ang killjoy mo naman, eh!" nakita ko ang sarili kong suminghal, gusto kong matawa sa sarili kong hitsura.

"Dahil hindi lang ito ang alaalang kaya kong ibigay sa 'yo, Sensui."

Doon na bumigay ang emosyon ko. Sunod-sunod na tumulo ang mga luha ko. *Napakarami mong alaalang ibinigay, ang isang ito ang hindi ko makakalimutan, Taguro. Kahit walang litrato ay kayang-kaya kong balikan, napakadaya mo.*

"*I should let it out; it's time to let you go. Oh baby, I just want to know...*" Ang linyang iyon sa kanta ang nakapagpasabog sa damdamin ko.

Maging ang kanta ay lalo akong binibigyan ng dahilan para mangulila sa kaniya. Lalong naghalo sa kalooban ko ang lungkot at sakit. Kung kanina ay nakukuha ko pang tumawa nang hindi pilit. Ngayon ay pinigipilan ko na ang pagtulo ng mga luha.

Sobrang hirap. Kahit ilang araw na ang nakalipas ay walang nagbabago sa nararamdaman ko, lalo lang yata talaga akong masasaktan nito. Hindi ko intensyong saktan ang sarili ko, hindi ko intensyong maalala ang lahat ng ito, hindi ko intensyong balikan ang lahat sa amin. Pero alam ko sa sarili kong ginusto ko ito. Ang kaso...nasasaktan lalo ako.

"Where are you now? What have you found? Where is your heart when I'm not around? Tell me, where are you now? You gotta let me know. Oh, baby, so I can let you go..."

Noon ko lang napagtanto kung gaano kasakit para sa 'kin ang ibig sabihin ng kanta. Para bang ang lahat ng nararamdaman ko ay binigyan ng musika, at kinanta. Pero sa t'wing magtatapos ang koro niyon ay lalo akong nasasaktan. Dahil alam ko sa sarili kong iyon mismo ang pinakahindi ko makakaya. Iyon ang pinakaimposible. Ang pakawalan siya.

Umiling ako nang umiling. **"Hindi kita kayang kalimutan, Taguro. Alam kong alam mo 'yon."** Napaupo ako sa sementong upuan at doon inilabas ang lahat ng nararamdaman ko.

Ngunit iyon na rin pala ang pagtatapos ng pakikisama ng paligid sa 'kin. Ang kaninang naghahalong init at lamig ay biglang namaalam nang bumuhos ang napakalakas na ulan. Wala akong ininda kundi ang sakit sa akin dibdib. Hindi ako natinag nang maramdaman ko kung gaano kabilis na namasa ang damit ko. Maging ang music player mayamaya ay biglang

nagloko. Hanggang sa tuluyang huminto ang kantang umuugon sa pandinig ko.

"Deib Lohr...?"

Natigilan ako sa pagluha nang marinig ko ang pamilyar na tinig na iyon. Pero ang sakit ay nananatiling naro'n.

~ To Be Continued. . . ~

OceanofPDF.com

CHAPTER 234

DEIB'S POV

"DEIB LOHR, what are you doing here?" Kasabay ng tanong na iyon ay hindi ko na naramdaman ang malakas na buhos ng ulan. Napatingala ako at 'ayun ang asul na payong na nakatabing sa 'kin. **"Deib?"** muling pagtawag ni Lee. Nagbaba lang ako ng tingin. **"You're gonna get sick, what are you doing, Deib?"** nag-aalala siya, alam ko. Pero hindi niya maitatago ang inis.

"I'm okay."

"Of course, you're not! Ano ba?" Pabagsak niyang binitiwan ang payong, nilingon ko iyon. Hinayaan niyang maulanan kaming dalawa. Hinawakan niya ako sa magkabilang balikat at bahagyang itinulak, dahilan para mag-angat ako ng tingin sa kaniya. **"Kahit sirain mo ang buhay mo, hindi mo na siya maibabalik, Deib,"** pinipigilan niya ang galit.

"I know," muli akong nagbaba ng tingin sa mga kamay ko. **"Hindi ko naman ginagawa 'to para ibalik siya, Lee. Ginagawa ko 'to para pagbigyan ang sarili ko."** Hindi ko matandaan kung minsan ko na bang nagamit ang gano'ng linya sa kaniya. Ang natatandaan ko lang ay hindi na ito ang unang beses na maramdaman ko ang sinabi.

"Why? You're just making yourself suffer, Deib Lohr."

"Sa ganitong paraan ko gustong pagdaanan 'yong sakit, ano ang masama ro'n? This is how I want to move on, Lee. This is my way of moving on."

"But you're only making it worse," marahan, naaawa niyang sinabi. Dahan-dahan siyang naupo sa sariling paa, sa harapan ko. 'Tsaka ako tinitigan sa mga mata. **"Ano pa ang pinanghahawakan mo?"** punong-puno ng awa ang mga mata niya. **"She's gone, Deib."**

Nag-iwas ako ng tingin. Wala akong maramdamang galit o inis. Dahil maging ako ay naaawa lang sa sarili ko. **"I know. But this makes me feel**

better, Lee. Even when better means simply holding on to a little piece of faith and hope. Ito na lang ang meron ako, 'wag mo nang alisin."

"But you're only holding on to the pain that is greater than that of letting go," hindi niya na malaman kung paanong ipaiintindi sa 'kin ang sinasabi. **"Don't be so hard on yourself. Let go, Deib."**

"I'm not going to give up, Lee. I know someone up there will give me the strength to hold on."

"But you're holding it too tight, Deib Lohr," malungkot niyang sinabi. Napatitig ako sa mga mata niya. Umiling siya nang umiling habang malungkot na nakatitig sa 'kin. **"There's no point holding on to someone who's already gone. Stop holding yourself back, Deib Lohr. Help yourself."**

Bumagsak ang mga balikat ko, kasabay niyon ang mga luha kong hindi makita dahil sa malalaking patak ng ulan. **"Just..."** Ipinakita ko sa kaniya ang maliit ng pagitan ng hintuturo at hinlalaki ko. **"Just a little bit more, Lee. Let me hold on a little bit more."**

Nanlulumo siyang tumitig sa 'kin, umiwas ako ng tingin. Nadinig ko siyang bumuntong-hininga, mayamaya ay tinapik niya ako. **"Whatever,"** muli siyang bumuntong-hininga dahilan para lingunin ko siya. **"I knew we'd end up like this."**

"What?" malamya kong tanong matapos siyang panooring maupo sa tabi ko.

Nagkibit-balikat lang siya. **"Basta,"** nilingon niya ako saka pinagkunutan ng noo. **"Nandito lang ako, kami ni Tobi. Nandito lang kami para sa 'yo. 'Wag mong kalilimutan 'yon kahit matapos ka pa diyan sa kabaliwan mo."** Inilingan niya ako. Pinulot niya ang payong at muling itinabing 'yon sa 'min. **"Tsk. Nadumihan tuloy ako."**

Sandali akong napatitig sa kaniya saka ako iiling-iling na natawa. **"Napakaarte mo. Ano nga ba'ng ginagawa mo dito?"**

"May pictorial kami ni Kimeniah."

"Eh, bakit napadpad ka dito?"

"Naghahanap ako ng banyo."

"I see," tumango-tango ako.

Bigla ay napakamot siya sa ulo. **"Ang totoo ay kasama ko ang mga kaibigan natin."** Pinagkunutan ko siya. **"Sina Michiko, BJ, Tob...Zarnaih."** Naging pilit ang ngiti niya.

"Hindi niyo 'ko isinama, ah?" pang-aasar ko.

"Tsh. Dahil alam kong magda-drama ka."

Napanguso ako. **"Anong magda-drama?"**

Natawa siya. **"Alam nating pare-pareho kung anong meron dito, Deib Lohr."**

Napangiti na lang ako at hindi na nakasagot. Iginala ko ang paningin ko at muling nalungkot. **"Mas mahirap 'to, 'dre,"** tahimik kong sabi 'tsaka tumingin sa magkahawak kong kamay. **"Kung dati ay nahihirapan akong alamin kung ano ang gagawin, kung maghihintay o kung may hinihintay pa ba ako. Ngayon ay alam ko nang wala na akong dapat hintayin, na wala nang babalik, pero naghihintay pa rin ako. Para akong tanga."**

Tumingin ako sa paligid, hindi tulad nang dati, hindi ko na makita ang mukha ni Taguro doon. Kahit anong paghahanap ang gawin ko ay sariling nararamdaman ko na lang ang nangingibabaw ngayon. Nangungulila. Nagmamakaawang sana ay muli ko siyang makita.

"You I wish I was braver," pabulong kong sabi. **"I wish I was dangerous."** Matinding panghihinayang ang nasa dibdib ko. **"Baka-sakaling may magawa ako kapag gano'n."**

Naipatong ko ang pareho kong siko sa tuhod at yumuko. Nasapo ko ang mukha ko at doon muling naluha. Napakabigat ng pakiramdam. Ang masamang panahon ay tuluyan nang sumabay sa nararamdaman ko. Mas bumuhos pa ang malakas na ulan.

Matagal nanahimik si Lee, hinintay akong tumahan. **"Siguro ay magpasalamat na lang tayo dahil ipinahiram siya sa 'yo, sa 'tin. Para malaman natin kung gaano kakumplikado ang buhay. Para matutunan nating pahalagahan ang buhay natin, at ang lahat ng taong naro'n, dahil hindi ito magtatagal."**

Ako naman ang matagal na natahimik, hinimay ko sa isip ang sinabi niya 'tsaka ako napatango na lang. **"Siguro nga."** Bumuntong-hininga ako. **"It just makes me sad."** Pinahiran ko ang mga luha ko at umayos ng upo. **"Nakapagplano na 'ko nang magandang kinabukasan kasama siya, Lee."** Kikibot-kibot na naman ang mga labi ko, parang batang maiiyak. **"Pero ngayon ay kailangan ko na namang bumuo ng panibagong kinabukasan, iyong wala na siya. 'Yong ako na lang. 'Yong hindi na siya kasama."** Natakpan ko ang sarili kong mukha nang muli akong maiyak.

Naramdaman ko nang akbayan ako ni Lee at sa gano'ng paraan inalo at sinamahan. Hindi ko na malaman kung ano pa ba ang pwede kong maramdaman. Mas lalong hindi ko alam kung ano ang pwede kong gawin para mahinto na ang sakit. Hindi ko na alam kung saan ako patungo. Parang ang lahat sa ' kin ay bigla na lang huminto.

"Ang hirap-hirap, Lee," patuloy ko. **"Ang hirap-hirap mawalan ng taong sa isip mo na lang ibuburol at paglalamayan."** *Dahil hindi ko siya mapupuntahan...Hindi ko na siya makikita.* Hindi ko na naisatig ang huli kong naisip. *Salamat sa apat na taon, Taguro. Iyon ang bumuo sa buong pagkatao ko.*

Nanatili kami ro'n sa mahabang sandali, hindi ko alam kung paano niyang natagalan ang lamig. Namanhid na yata ang buo kong katawan ko, sa t'wing bubugso ang damdamin ko ay init lang ang nararamdaman ko. Ang lamig ay naro'n lang sa puso ko pero hindi ko man lang maramdaman ang ginaw.

Malakas man ang ulan ay natunugan namin ang mga kaibigan naming paparating. Nagmadali sila nang matanawan kami.

"Anong ginagawa niyo dito?" nagugulat, nagtatakang tanong ni Parrot. Dali-dali kong inayos ang sarili ko para hindi nila pagtakhan.

"Oh, my god," natatawang ani Kim. **"Hindi ako makapaniwalang natatagalan ng isang Lee Roi Gozon ang putik sa paanan niya."**

Nagbaba ako ng tingin sa paanan ni Lee at saka ako natawa. Pero sa loob-loob ko ay gano'n na lang katindi ang paghanga ko. Hindi natatagalan ni Lee ang dumi, iyon pa lang ang unang beses. Bumibilis ang tibok ng puso niya sa t'wing madudumihan ang alinmang parte ng kaniyang katawan.

Mabilis namang lumapit sa 'kin si Tob, sinipat ang kabuuan ko 'tsaka nagugulat na nilingon si Lee. **"Nagpaulan kayo?"**

"Naulanan," natatawa kong sabi. Inaasahan ko nang magbubunganga na naman siya.

"Sana ay nagsabi kayo," angil niya na ikinapagtaka ko. Nag-angat ako ng tingin sa kaniya at nagulat nang itapon niya ang hawak na payong. **"Tara, maligo tayo!"**

"What?" hindi malaman ni Kim kung matatawa o magugulat.

"Sige, tara!" ani Michiko na iniitsa rin ang sariling payong.

Magkasabay na itinapon nina Parrot at Migz ang kani-kaniyang payong 'tsaka tatalon-talon na tiningala ang umiiyak na langit. Masaya nilang sinalubong ang malalaking buhos ng ulan.

"Oops! Maghunus-dili ka, bakla!" tili ni Migz nang akmang isasara ni BJ ang hawak na payong.

"Ano na naman!" angil ni BJ.

"Baka dumami ka, magkakalat ang palaka." Tumakbo palayo si Migz matapos sabihin 'yon.

Mayamaya pa ay pare-pareho na kaming naliligo at nagtatawanan. Hindi ako makapaniwala. Gano'n kabilis napalitan ng saya at tuwa ang nakamamatay sa lungkot kong nararamdaman. Iba talaga kapag merong tunay na kaibigan.

"Tara, magtaguan tayo!" anyaya bigla ni Migz.

"Tch. Masiyadong malaki ang lugar, hindi tayo magkakakitaan," nakangiwing sabi ko.

"Sinabi ko bang maghahanapan tayo?" nakapamaywang niyang sabi, natawa ako. **"Magtatago lang tayo, forever."**

"Tch," iiling-iling akong tumawa. **"Kayo na lang."**

"Tara na, Deib!" anyaya ni Kim.

"Si BJ ang taya," ani Migz.

"Bakit ako naman!" angil na naman ni BJ.

"Ikaw ang marami, eh, hindi ka mahihirapan." Natatawa na namang lumayo si Migz.

"Kanina mo pa 'ko inookray, bakla ka, ah!" banta ni BJ. **"Hala, sige, magtago ka! Kahit saang puno ka pa magpunta, makikita kita dahil mataba ka!"**

"Punyeta ka!" sinugod bigla ni Migz si BJ. Nagtawanan naman kaming nanonood sa kanila.

Hindi umubra ang pinagdaraanan ko dahil pinilit nila akong maglaro. Hindi naman ako nagsisi dahil kung malungkot kong sinimulan ang araw na 'yon, tinapos ko iyon nang masaya sa isip at puso.

Nang mahiga ako sa kama ay hindi pa rin ako makapaniwala. Hindi ko malaman kung ano ang meron sa mga taong iyon, kung paanong mabilis nilang napagaan ang pakiramdam ko. Ang pakiramdam na dinala ko ng ilang araw, linggo at buwan, nang dahil sa pagsasama-sama namin sa ilalim ng ulan ay biglang napalitan. Malungkot pa rin ako, hindi ko na inaasahang mawawala pa iyon. Pero hindi kapani-paniwalang nagagawa ko na 'yong labanan ngayon. Para bang may naisasagot na ako sa sarili ko. Nagagawa ko nang sabihin sa sarili ko na maswerte ako. Meron akong dalawang matalik na kaibigan na hindi na kailangang sabihan. Alam na alam nila ang

gagawin. Nararamdaman nila kung kailan ko kailangan ng kausap, karamay at katabi. Hindi nila ako pababayaan. At gaano man kaimportante ang ginagawa nila, hindi sila magdadalawang-isip na puntahan ako.

Bago matapos ang gabing iyon ay naisip kong mas naging swerte ako dahil kay Taguro. Nadagdagan kasi ang mga kaibigan ko. Kung hindi dahil sa kanilang lahat ay baka nabaliw na ako. Kung wala sila ay baka nalunod na ako sa isiping nag-iisa ako.

Kinabukasan ay idinaos ang maliit na salo-salo para sa birthday ko. Nasa ospital kasi ako nang dumaan ang birthday ko. Nangako si mommy na magse-celebrate kami oras na makauwi. Hindi niya nakalimutan 'yon, kahit hindi *en grande* naging masaya kami. Kompleto ang mga kaibigan ko, ang lahat ay may bitbit na regalo. Hindi ko alam kung paano pero natuwa talaga ako. May mga kantahan at sayawan, imposible nang mawala 'yon sa t'wing may selebrasyon dahil ang karamihan ay talentado. Hanggang sa sandaling iyon ay hindi nila ako iniwan. At kahit na anong lungkot ang nabubuhay sa puso ko, gumagawa at gagawa sila ng paraan para patayin ang lungkot at palitan ng saya.

Ang mga taong iyon ang naging karamay ko, kaibigan at pamilya. Sa kanila ako sumandal sa t'wing mababalik ako sa sitwasyong hindi ko na naman kaya. Hindi nila ako pinigilang makaalala, hindi nila hinayaang makalimot ako sa taong mahal ko. Sa halip ay tinuruan nila akong mabuhay nang wala siya. Tinulungan nila akong magpatuloy nang nag-iisa. Halos buhatin ako para muli akong itayo. Ngunit handa silang samahan akong matumba. Sila ang nagpaalala sa 'kin kung bakit kailangan kong lumaban. Naging katuwang ko silang mabuhay. Hindi nila ako pinabayaang mag-isa. Kahit paulit-ulit, kahit mahirap, kahit masakit, nanatili sila sa tabi ko, iniintindi ako at parating inaalala. May mga sandali pang nakakalimutan na nila ang kanilang mga sarili para lang sa 'kin.

Unti-unti, habang dumaraan ang panahon, naiintindihan ko na. Napag-aralan ko na. Natutunan ko na. Nakasanayan ko na. Kinaya ko na. Kasama man sila o hindi.

Sila ang mga kaibigan at pamilya ko. At sila ang nakasama ko sa paglipas nang mahabang panahon.

A few years later...

"CONGRATULATIONS, Engineer Deib Lohr Enrile!" Sigaw ng lahat kasabay ng pagto-toast. May nagpaputok pa ng confetti cannon

dahilan para magliparan ang mga papel niyon habang sabay-sabay kaming umiinom.

Matapos ang graduation ay nagdaos ng maliit na salo-salo ang BIS para sa engineering students na nagtapos. Mabuti na lang at nakumbinsi ko sina mommy at *Noona* na 'wag nang maghanda sa bahay. Gusto kong magpahinga magdamag bukas.

Mabilis kong sinimot ang laman ng wine glass ko 'tsaka nakangiting sinulyapan ang lahat. **"Thank you, everyone,"** masaya kong sabi.

"I'm happy for you, 'dre," tatango-tangong ani Tob. Kanina pa niya paulit-ulit na sinasabi iyon, umiiyak pa. Kaya naman naniniwala akong masaya talaga siya para sa akin. Siya lang ang may kakayahang iparamdam sa 'kin kung gaano siyang kasaya sa nararating ko. **"Sa wakas naabot mo 'yong pangarap mo, natapos mo ang kursong gustong-gusto mo. Masaya ako para sa 'yo."** Tinapik niya ako at biglang niyakap.

Wala akong nagawa kundi ang gantihan ang yakap niya. Palihim kaming natawa ni Lee. **"I'm proud of you, Deib,"** ani Lee.

Napangiti ako lalo kay Lee. Madalas niya nang sabihin ang linyang iyon sa 'kin. Hindi na iyon ang una. Pero sa t'wing uulitin niya, pati ako ay humahanga sa sarili ko dahil sa mga nararating ko.

Palibhasa'y nauna silang magtapos ng apat na taong kurso sa akin, pareho silang nandoon sa graduation ko. Bagaman si Tob ay nagtuloy sa law, at si Lee naman ay may internship sa business school. Maging sina Kimeniah, Keziah, Parrot, Migz, BJ at Michiko ay nandoon. Si Yaz naman ay may pasok kaya wala sa graduation ceremony at sa party na lang nakarating.

"Thank you, 'dre," tinapik ko silang pareho 'tsaka ako bumaling sa mga magulang ko. Na noon ay wala pa mang sinasabi, nakukuwenta ko na ang saya at paghanga sa mga mata at ngiti. Hindi ako nagsalita, basta na lang ako lumapit at yumakap sa kanila. **"Thanks for everything,"** pabulong kong sabi.

"I'm proud of you, son," pabulong na ani daddy, paulit-ulit na ginugulo ang buhok ko.

"Me, too! Yieee!" Hinalikan ako ni mommy sa pisngi.

"Naks, Engineer Enrile!" dinunggol ni *Noona* ang balikat ko nang makalapit. **"Lakas makagwapo, ah!"**

"Tch. Gumanda 'kamo ang salitang engineer dahil napasama sa apelyido ko," mayabang kong tugon sabay yakap sa kaniya. **"Thanks,**

ate," mariin kong sinabi ang huling salita, tatawa-tawa. Nagulat si *Noona*, para bang noon niya lang narinig ang salitang 'yon mula sa akin.

"Isa pa nga, bunso!" tatawa-tawa niyang biro.

"Tch, shut up," iniwasan ko siya.

"Dali na!" pangungulit niya. Pabiro ko siyang dinuro bilang pagbabanta, hindi na siya umulit pa.

"Pero..." Nagsalita si Keziah dahilan para matahimik ang lahat at tumutok sa kaniya. **"I have noticed na ikaw lang yata ang engineering student na single?"** batid kong nagbibiro siya. Siya lang ang naglakas ng loob na biruin ako tungkol sa pagiging single. **"'Yong mga kasabay mong nagtapos kanina ay tumakbo sa mga girlfriend nila matapos lumapit sa pamilya."**

Ngumiwi ako. **"Most of them must be mechanical, IT's, electronics or software engineer. Civil engineers are always single but never available, Keziah,"** biro ko.

Natatawa siyang tumango. **"I'm sure hindi rin kayo ngtatagal sa pagiging taken?"** mapang-asar siyang ngumiti. **"Maraming umiiyak na nursing students dahil niloko ng engineering student."**

Napamaang ako. **"Your statement is vague, Miss Gozon. You should try dating an engineer."**

"Para malaman kung bakit at paanong umiiyak ang mga babae dahil sa inyo? No way."

"No. Para malaman mo kung bakit hindi nagkakasundo ang science at engineering." Natawa ako.

"Doktor ang gusto ko, eh," mapang-asar na ani Keziah. Wala sa intensyon niyang paringgan si Yaz, nagmukhang ganoon lang nang magsipaglingunan ang mga kaibigan ko rito. **"Oh, come on, guys?"** natatawang dagdag ni Keziah. **"Baka kung ano ang isipin ni Yaz sa 'kin niyan."**

"'Uy, wala, ah," nakangusong ani Yaz sabay sulyap sa 'kin. **"Congrats, Deib! Oh, regalo ko."**

Nabigla ako. **"Nag-abala ka pa."**

"Syempre, kaibigan kita, eh."

"Salamat." Agad kong binuksan ang regalo niya.

At matapos magulat ay natuwa ako nang makitang apat na neck tie iyon na may iba't ibang disenyo. May math calculations, circuit board, blueprint at oscillator.

"Ang astig nito, haha! Salamat!" Sa tuwa ko ay inakbayan ko siya at bahagyang hinapit papalapit sa 'kin.

"'Oy, ano ka ba?" agad siyang kumalas. **"Kapag ito nakarating sa future boyfriend ko, lagot tayong pareho!"** Natawa siya sa sariling biro, pasimpleng sumulyap kay Keziah na tatawa-tawa lang din sa kaniya.

"Hey, Yaz," untag ni Keziah. **"Remember Maxwell's hospital? Bubuksan niya na 'yon next year. Uuwi siya para ro'n."**

Nakita kong natigilan si Yaz, pero ako mismo ay biglang natigalan sa hindi maipaliwanag na dahilan. May kung anong nabuhay sa kalooban ko, pero alam na alam ko sa sarili ko kung gaano iyon kaimposible. Napailing ako para mapawi ang kung anumang tumakbo bigla sa isip ko.

Nakangiti kong kinuha ang bote ng wine at nagsalin. Wala sa sarili kong tinungga ang lahat ng laman niyon saka plastik na ngumiti sa kung saan. Ayaw kong pakinggan ang anumang pag-uusapan nila. Pero hindi mapakali ang tainga ko, wala pa mang nagsasalita ay inaalam na nito ang mga sasabihin pa ng dalawa.

"Ah, talaga?" inosenteng ani Yaz. **"Nagkakausap pala kayo?"**

"Yeah," walang halong pagyayabang sa tinig ni Keziah. **"Regular naman kaming nagkakausap, nabawasan lang recently kasi sobrang busy ko."**

Bakas ang inggit sa mukha ni Yaz pero pilit niya iyong hindi ipinahalata. **"Kumusta naman daw siya?"**

"I'm sure he's fine," ngumiti si Keziah. **"Hindi 'yon tumatawag sa 'kin kung wala sa mood. Anyway, hindi rin naman kami matagal na nagkausap. Bago nga niya ibaba ang line ay binanggit niyang babalik siya bago matapos ang taon."**

"Ah..." Hindi kinakitaan ng excitement si Yaz. Nag-iwas siya ng tingin at bubulong-bulong na sumimangot. Si Keziah naman ay bumaling na kay *Noona* at masayang nakipagkwentuhan.

"Deib Lohr!" nangibabaw ang pamilyar na tinig mula sa likuran. Ang karamihan sa 'min ay gulat na napalingon kay Ysay na walang kasinliwanag ang mukha matapos akong makita. **"Oh, my! Ang gwapo mo!"**

"Hey, Ysay," napapalunok kong bati, pilit ang ngiti.

"Congratulations, Engineer Deib Lohr Enrile!" nagpatangkad siya at humalik sa pisngi ko. Hinayaan ko na lang siya para hindi mapahiya.

"Melissa," napapalunok kong tiningnan ang kabuuan niya. **"It's nice to see you."**

Hindi ako makapaniwalang kaharap ko siya, hindi inaasahan. Wala ni isa sa naro'n ang inaasahang darating siya, at makikita pa siya.

Napakalaki ng ipinagbago niya. Bumagay sa kaniya ang blondie niyang buhok. Ang porma niya ay malayo na sa dati niyang pananamit. Bumagay sa kaniya ang itim na skater skirt na suot. Kapares niyon ang itim at bulaklaking crop top, na pinatungan ng kulay kremang cardigan. Maging ang itim na boots ay akmang-akma sa suot niya at bumagay sa kaniya. Kung hindi ko lang talaga siya matagal na nakasama ay baka hindi ko siya nakilala. Napaka-sexy niya sa suot, ang mukha niya ay lalong lumitaw ang nagtatagong ganda. Ang makapal niyang eyeglasses noon ay napalitan ng kulay abo na contact lenses ngayon. Ang makapal niyang kilay ay nabawasan at nagkaroon na ng korte, gano'n sa usong istilo ng mga babae. Umaalingasaw rin ang bango niya at napakaganda ng mamula-mulang kutis.

Ang totoo ay naagaw niya ang atensyon ng karamihang naro'n. Iyong mga hindi siya kilala ay kakikitaan nang matinding paghanga sa mga mata. Iyon namang iilang nakakikilala sa kaniya ay tatawa-tawa.

Pero masiyadong tutok si Ysay sa akin, na maging ang mga kasama ko ay hindi niya pansin. Mukhang tuwang-tuwa siyang makita ako. At isa siya sa pinakamasaya dahil sa pagtatapos ko.

Hindi ko naman malaman kung ano ang sasabihin ko at mararamdaman. Nakangiti ako ngunit hindi ko maiwasang magkunot-noo. **"Paano mo nalamang nandito ako?"** nasabi ko na bago ko pa mapigilan ang sarili ko.

Nagkibit-balikat siya. **"Alam mo namang pagdating sa 'yo ay updated ako."**

Nakangiti akong bumuga nang malalim na hininga, peke. Hindi na yata talaga mawawala ang paninindig ng mga balahibo ko. Palibhasa'y alam ko ang sitwasyon ni Ysay.

"Pero 'wag kang mag-alala, wala naman na akong ginagawang kabaliwan ngayon," tatawa-tawang dagdag niya.

Hindi ko malaman kung makikitawa ba ako o maniniwala sa kaniya. Parang napakahirap intindihin no'ng sinabi niya. Kabaliwan ang ginamit niyang salita pero iyon talaga ang tingin ko sa kaniya dahil sa sakit niya.

"Hi, guys!" binati niya ang mga kaibigan ko nang hindi ko magawang magsalita. **"Kumusta?"**

"Hi, Ysay!" sabay-sabay na bati ng mga ito, matagal bago nakapagsalita.

Natawa si Ysay. **"I'm good, thank God."** Muli siyang bumaling sa 'kin at inilabas mula sa suot na bag ang isang regalo. **"Gift ko for you, Deib Lohr,"** namula ang pisngi niya.

"Thanks, nag-abala ka pa," nahihiya ko iyong tinanggap.

Ngumiwi siya. **"Ilang birthdays mo nga ang pinalampas ko, eh. Sa America na kasi ako nakabase ngayon. Buksan mo 'yang gift ko."**

"Thank you," muling sabi ko 'tsaka nga binuksan iyon.

Hindi ko mahulaan kung ano ang laman niyon. Katamtaman lang ang bigat ng regalo kaya naman lalo akong na-curious kung ano iyon. At gano'n na lang ang pagkamangha ko nang mabuksan iyon at makita ko ang isang equation watch na may tatak na Rolex.

"Thank you, Melissa!" sa tuwa ko ay napalakas ang boses ko. **"This is so cool, thank you."** Sa unang pagkakataon kasi ay may nagregalo sa 'kin ng kakaiba, iyong may kinalaman sa kursong tinapos at minahal ko.

"Mabuti naman at nagustuhan mo." Natuwa rin siya matapos makitang masaya ako. **"Sa America ko pa ipinasadya iyan. Nahirapan akong maghanap ng ireregalo sa 'yo,"** natawa siya. **"Alam ko kasing nasa iyo na ang lahat."** Tatango-tango siyang tumingin sa likuran ko, tila may hinanap. 'Tsaka siya iiling-iling, nagtatakang tumingin sa 'kin. **"Parang may kulang?"** Ngumiti siya sa 'kin, nagtatanong ang mga mata. **"Where's Maxpein?"**

Natigilan ako. Naramdaman ko nang unti-unting mawala ang natural na ngiti sa labi ko. Hindi ko inaasahan ang tanong niya. At hindi ko man lang naisip na posibleng magtanong siya.

Nadinig ko nang magsipagtikhiman ang mga kasama ko. Hindi rin panigurado inaasahan ng mga ito ang itinanong niya. Wala nang umaasa sa aming may magtatanong tungkol kay Taguro. Sapagkat matagal nang walang nagbabanggit sa harap ko ng pangalan nito.

Nagpakawala ako nang malalim na hininga bago pilit na ngumiti sa kaniya. Hindi ko inaasahang maaalala ko si Taguro sa sandaling ito. Hindi ko pwedeng sisihin si Ysay dahil bago pa man siya lumapit ay naalala ko na si Maxpein nang mabanggit kanina si Maxwell.

Napatingin sa 'kin ang mga kaibigan ko, mababasa ang pag-aalala sa mga mata nila. Alam kong gaya ko ay hindi nila inaasahang may magpapaalala sa 'kin kay Maxpein sa sandaling iyon. Matagal na panahon na nang huling may magbanggit sa 'kin ng pangalan niya. Maging ang mga kaibigan ko ay

iniiwasan pa ring pag-usapan siya sa harap ko. Lingid sa kaalaman nilang madalas ko pa rin silang marinig na banggitin ang pangalan niya.

"Where is she?" nangangapang tanong ni Ysay, nilingon ang lahat bago muling tumingin sa 'kin. **"Wala siya?"**

"Ah, Ysay," sumingit si Parrot sa pagitan namin. Pero halatang hindi niya malaman kung ano ang sasabihin. Naiilang siyang tumingin sa 'kin at mabilis na pinagpawisan. **"So, sa America ka na pala nakatira?"** pag-iiba niya sa usapan.

Matagal bago nakapagsalita si Ysay. Mataman niya kaming tiningnan at pinakiramdaman 'tsaka kunot-noong nagsalita. **"Yeah. Citizen na nga ako,"** nagkibit-balikat siya. **"Hindi na tumakbo si daddy sa politika nang matapos ang huling termino niya. Nag-focus sila ni mommy sa pagpapagaling sa 'kin, at sa States nga ako nagpatuloy ng medication."**

"Good to hear that," halatang pilit ang pagiging masaya ni Parrot, pilit na inilalayo ang usapan kay Taguro. **"Mukhang maganda ang progress mo, ipagpatuloy mo ang pagte-take ng medication."** Nailang siya matapos sabihin iyon, natakot na baka ma-offend si Ysay.

Nakangiting bumuntong-hininga si Ysay. **"So far okay naman, maganda nga ang progress ko according to my doctors. Kaya heto, nakakalabas at nakapagbabakasyon ako kahit dalawang beses sa isang taon lang."**

Naubusan ng sasabihin si Parrot, ngumiti lang siya kay Ysay dahilan para maging nakakailang ang sandaling iyon.

Hindi ko rin malaman kung ano ang sasabihin. Alam ko sa sarili kong ayos lang naman sa 'king sabihin kay Ysay na wala na si Taguro. Ang kaso ay hindi pa rin ako handang magkwento. Hindi ko naihanda ang sarili ko sa sandaling iyon.

"Anyway, nasaan na nga si Maxpein?" Hindi namin inaasahang hahanapin pa rin siya ni Ysay.

"Ah, ano kasi..." Halata na ang kaba sa tinig ni Parrot.

"She's in America, right?" masayang ani Ysay dahilan para dagli akong mapalingon pabalik sa kaniya. Nangunot bigla ang noo ko. **"I saw her in America. Doon na siya nag-aral?"**

"What?" hindi ko napansing naging brusko pala ang tono ko.

Bahagyang nagulat si Ysay at pilit na tumawa. **"Sa tingin ko kasi ay nakita ko siya sa America, hindi man lang ako nagkaroon ng**

pagkakataong sundan siya dahil bukod sa hindi ako sigurado ay mabilis siyang nakalayo."

Nangunot ang noo ko at napatitig kay Ysay. Walang nakapagsalita sa amin. Lahat kami ay natitigilang napatingin sa kaniya. Habang si Ysay ay inosente, nakangiti pa ring nakatingin sa 'min. Nangangapa, nagtataka at nagtatanong kung bakit hindi namin masagot ang tanong niya. Kung bakit hindi namin masabi kung nasaan ang hinahanap niya.

"That's impossible," sa wakas ay nakapagsalita ako. Inosente akong nilingon ni Ysay. Bigla ay nahirapan yata akong magsalita. Parang kinakayod sa sakit ang dibdib ko sa sandaling iyon. Parang pinaglalaruan ang damdamin ko. **"Maxpein passed away five years ago, Melissa."**

Nakita ko nang mawala ang ngiti ni Ysay. **"What?"** nagugulat na tanong niya. Ngunit walang sumagot sa kaniya. **"That's...impossible,"** hindi siya makapaniwala.

Matagal siyang tumitig sa 'kin, hindi na ako nagsalita. Nag-iwas ako ng tingin at itinuon iyon sa regalo niya sa 'kin. Hindi ko na naman malaman ang mararamdaman. Naghahalo-halo ang pakiramdam sa kalooban ko. Nanginginig ang kamay, kinakabahan, natatakot, umaasa, nanunuyo ang lalamunan, nagagalit at kung ano-ano pa. Lahat ng pakiramdam na 'yon ay sabay-sabay sa dibdib ko, binabaliw ako sa isip.

"Ano kasi...Ysay, ano..." Hindi pa rin malaman ni Parrot kung paanong magpapaliwanag. **"Tara do'n, Ysay? Hehe."** Bigla niya na lang itong hinila papalayo sa amin.

Nasundan ko sila ng tingin hanggang sa mawala sa aking paningin. Ang mga mata ko ay natuon sa kung saan, sa isang bagay na tinitingnan ko pero tila hindi ko nakikita dahil sa malalim kong pag-iisip. Pag-iisip na ginagawa ko pero hindi ko malaman kung ano. Kakaiba ang nakalilitong pakiramdam.

Muli kong sinundan ng tingin si Ysay at napatitig. Bigla ay parang nanghina ako, at lalo pang nanghihina dahil sa pabilis nang pabilis na tibok ng puso ko.

Napapikit ako, humugot at ibinuga ang malalim na hininga. *Gusto kitang paniwalaan, Ysay...* Totoong iyon ang nangingibabaw sa pakiramdam ko. Gusto kong maniwala sa sinabi ni Ysay, na nakita niya sa ibang bansa si Taguro. *Pero paaasahin ko lang ang sarili ko kung maniniwala ako sa 'yo. At sa huli, masasaktan ko lang ang aking sarili. Dahil sa lagay ng pag-iisip mo, isasaalang-alang ko ang sarili kong nararamdaman.*

Ibinalik ko sa kahon ang regalo ni Ysay 'tsaka ko maingat na inilapag 'yon sa mesa namin. Namulsa ako at paulit-ulit na bumuntong-hininga. Bigla yatang nayanig ang mundo ko, hindi ko na naman malaman kung ano ang gagawin.

Napapikit ako at panay ang pagbuga ng hininga. Tuloy ay hindi malaman ng mga kaibigan ko kung paano akong kakausapin. Hindi sila makalapit sa akin.

May kung anong pakiramdam na binuhay sa 'kin si Ysay. Pag-asa na naman. Pag-asa na alam ko namang panibagong sakit at lungkot lang ang dala.

Paano kung nagsasabi siya nang totoo? Paano kung nakita niya nga si Taguro? Hinanap ko sa maraming tao si Ysay, hindi ko na siya nakita. Doon ay bigla na lang akong natulala. *Gano'n na ba ako kadesperado para paniwalaan ang may sakit sa pag-iisip na gaya niya?*

"Deib," mahinang ani *Noona*, nag-aalala sa biglang pagbabago ng nararamdaman ko. **"B-Baka naman namamalik-mata lang siya? Or maybe she's..."** Napabuntong-hininga siya at hindi malaman kung paanong ipapaliwanag ang iniisip sa akin.

"Alam ko," pinangunahan ko na siya. **"Imposibleng makita niya si Taguro, alam ko. H-Hindi naman ako naniniwala sa kaniya."** Napalunok ako, hindi magawang tumingin sa mga mata niya. Alam ko kasi sa sarili kong ang sinabi ko ay malayo sa tunay kong nararamdaman. Dahil ang pag-asang sumibol sa dibdib ko ay unti-unting nabuhay.

Bigla pa namang nangibabaw sa pandinig ko ang tila humihuni at umiiyak na tinig ng babae. Sinabayan iyon nang mabagal na kampas ng cymbals at paisa-isang tipa sa piano. Unti-unti iyong bumibilis.

Nakakapangilabot ang tugtog ng bandang naroon sa entablado. Pero ang misteryong hatid nang malaki at malalim na boses ng babae at ang malakas na kulog at kidlat sa labas ng hotel ay pinaghahalo-halo ang laman ng isip at nararamdaman ko. Lalo akong binabaliw sa sandaling ito.

Hindi ko maintindihan kung paano akong nilamon bigla nang tila umiiyak at humuhuning tinig ng babae. Ang magkasabay na tunog ng cymbals at piano ay dinadala ako sa pakiramdam na para bang isa lang itong palabas.

How can you see into my eyes like open doors? Leading you down into my core where I've become so numb. Without a soul my spirit's sleeping somewhere cold. Until you find it there and lead it back home.

Lalo yata akong kinilabutan nang magsimulang kumanta ang babae. Wala sa sarili kong naibaling ang paningin sa madilim na entrada ng hotel. Kasabay nang paghampas sa drums ay ang nakabibiglang kulog at nakasisilaw na kidlat. Ngunit tuluyan na ngang nagtindigan ang mga balahibo ko nang tila makita ko si Taguro! Nang magliwanag ang madilim na parte ng entrada ng hotel dahil sa kidlat. Isang itim na imahe ng nakatayong babae ang nangibabaw sa paningin ko.

Ngunit nang muling magkasabay ang kulog at kidlat, nang muling magliwanag sa gawi nito kanina ay wala na akong nakita. Wala na ro'n ang madilim na imahe na aking nakita.

What the fuck...

Agad na kumabog sa kaba ang dibdib ko at kunot-noo kong inaninag ang madilim na parte kung saan ko nakita ang babaeng nakatayo.

Hindi ako sigurado. Ang totoo ay wala akong nakita bukod sa madilim na imahe nito, sa likod ng madilim na bintanang katabi ng pinto.

Pero sa sandaling iyon, sa hindi maipaliwanag na dahilan, ay nararamdaman kong si Taguro ang nakita ko. At hindi ko man nakikita ang mukha nito, ang mga mata nito, nasisiguro kong nasa akin ang kaniyang paningin.

Taguro...

"Where are you going, Deib Lohr?" pasigaw na tanong ni Lee nang magmadali akong lumayo sa kanila at tahakin ang daan kung saan ko nakita ang madilim na imahe.

"Deib!" dinig ko ang sabay-sabay na pagtawag ng mga kasama ko.

Pero ang paningin ko ay natuon na sa pwesto kung saan ko nakita ang madilim na imahe. Halos maglakad-takbo ako, matunton ko lang agad ang mismong kinatatayuan niyon. Pero nang makarating ako ay wala akong nakita.

Wake me up. ***Wake me up inside.*** *I can't wake up.* ***Wake me up inside.*** *Save me.* ***Call my name and save me from the dark.*** *Wake me up.* ***Bid my blood to run.*** *I can't wake up.* ***Before I come undone.*** *Save me.* ***Save me from the nothing I've become.***

Hindi ko maintindihan kung ano ang kinalaman ng kantang iyon sa okasyon. Pero nang dahil sa tugtog ng piano at sa malaki at malalim na boses ng kumakanta ay lalong dumagundong ang kaba sa dibdib ko. Habang naghahanap ay para bang nasa tainga ko mismo ang bibig ng kung sinumang kumakanta sa entablado. Napakatindi ng epekto!

Malakas ang ulan sa labas ng hotel, malakas ang kulog at kidlat. Para bang may rumaragasang bagyo. Iyon ang parteng gilid, hindi ang mismong entrada papasok sa magarang hotel. Ang gawing iyon ay papunta na sa parking area. Maraming mababaha ngunit malalagong palm tree sa gilid ng paligid. Nasa ugat ng mga iyon ang maliliit na ilaw na tanging nagbibigay liwanag sa lugar na iyon.

Now that I know what I'm without you can't just leave me. Breathe into me and make me real, bring me to life.

Naglakad ako papalabas dahilan para patakbong magsipagsunuran sa 'kin ang mga kasam ako. Paulit-ulit ang pagtawag nila sa 'kin ngunit patuloy rin ang paghahanap ko. Halos puntahan ko ang bawat puno, nakasisilaw ang liwanag ng maliliit na ilaw. Wala akong makita kundi puno, ilaw at mga sasakyan. Bukod sa sarili ko ay alam kong wala nang ibang tao. Ngunit 'ayun ako, hanap nang hanap kahit na nasisiguro kong bukod sa puno ay wala nang ibang makikita ro'n.

Pero ano...sino 'yong nakita ko? Hindi ako pwedeng magkamali, Taguro. Ayaw kong magkamali, Taguro... Ikaw 'yong nakita ko.

Kunot-noo, emosyonal akong nagpatuloy sa pagtakbo. Hindi iniinda kung gaano kalakas ang ulan sa ulunan ko. Naghanap ako hanggang sa makarating ako sa bandang likuran.

Wake me up. ***Wake me up inside.*** *I can't wake up.* ***Wake me up inside.*** *Save me.* ***Call my name and save me from the dark.*** *Wake me up.* ***Bid my blood to run.*** *I can't wake up.* ***Before I come undone.*** *Save me.* ***Save me from the nothing I've become. Bring me to life.*** *I've been living a lie, there's nothing inside.* ***Bring me to life***

Ang tugtog sa piano at tinig ng babaeng kumakanta ay minamanipula ang nararamdaman ko sa hindi ko maintindihang dahilan at paraan. Ang halo-halong emosyon ko ay nakakakaba, nakakabaliw, nakakalito! Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang iparamdam sa 'kin ngayon ito. Hindi ko malaman kung bakit kailangang si Taguro ang makita ko kahit na siguradong namamalik-mata lang ako. Bakit kailangang magkagano'n ang nararamdaman ko nang dahil lang sa kantang iyon? Ang kantang wala namang kinalaman sa nararamdaman ko, hindi ko nga halos maintindihan ang ibig sabihin.

"Deib Lohr, ano ba? Bakit nagpapaulan ka?" dinig na dinig ko ang sigaw ni Lee Roi. Nasisiguro kong hindi niya ako masusundan sa ulanan, napakaputik sa gawing iyon, halos lumubog nga ang paa ko.

Nasaan ka na?

Huminto ako at nagpaikot-ikot sa kinatatayuan. Kunot-noo akong naghanap, hindi mahinto sa paggala ang mga mata ko. Nasapo ko ang aking noo at naisabunot sa inis sa buhok ang mga daliri ko. Sa sandaling iyon ay gusto kong maupo sa mga tuhod ko at magwala.

Frozen inside without your touch, without your love, darling. Only you are the life among the dead. *All this time I can't believe I couldn't see. Kept in the dark but you were there in front of me****. I've been sleeping a thousand years it seems, got to open my eyes to everything.*** *Without a thought, without a voice, without a soul.* ***Don't let me die here.*** *There must be something more.* ***Bring me to life.***

Hindi ko maintindihan kung bakit ba lalong tumitindi ang kaba ko hangga't hindi ko siya nakikita. Ang kabang iyon ay biglang napalitan ng takot nang purong dilim na lang ang nasa aking harapan. Paatras akong bumalik hanggang sa muli kong lakaran ang kakaunting liwanag.

Wake me up. ***Wake me up inside.*** *I can't wake up.* ***Wake me up inside.*** *Save me.* ***Call my name and save me from the dark.*** *Wake me up.* ***Bid my blood to run.*** *I can't wake up.* ***Before I come undone.*** *Save me.* ***Save me from the nothing I've become. Bring me to life.*** *I've been living a lie, there's nothing inside.* ***Bring me to life.***

Biglang nangibabaw ang mas malakas na tunog ng drums sa pandinig ko, halos yanigin ang buong lugar. Kasabay niyon ay ang bruskong pagkanta ng lalaki. Tuloy ay mas matindi ang sigawan sa paghanga ng mga tao.

"Deib Lohr!" sigaw ni Tob na hindi ininda ang ulan at putik, pasugod siyang lumapit sa 'kin.

"Nakita ko si Taguro," pabulong kong sagot, ang paningin ay nasa kung saan pa rin. Muli akong lumingon, mag nagsasabi talaga sa 'kin na siya 'yon. Hindi ako pwedeng magkamali.

"What?" naghahalo ang pag-aalala, gulat niya at galit. **"Ano ba ang sinasabi mo, Deib?"**

"Nakita ko si Taguro, Tobi!" gitil kong sagot.

"Imposible 'yang sinasabi mo, alam nating pareho kung nasaan si Taguro," hindi siya nagpasindak sa galit ko. **"Ano ba ang nangyayari sa 'yo?"**

Matagal siyang tumitig sa 'kin at gano'n din ako sa kaniya. May kung ano sa sarili kong nagsasabi na hindi ako nagkakamali. Dahil alam ko sa sarili

ko na kung meron man ditong higit na makakikilala sa kaniya, kahit nasa dilim, ako iyon. Ako lang 'yon.

"Nakita ko si Taguro," malumanay kong sabi, nagpapaintindi. Tumitig siya sa 'kin at kunot-noong umiling-iling, hindi siya naniniwala. Hinawakan ko siya sa magkabilang balikat. **"Nakita ko siya, Tobi, sigurado ako."**

"Nababaliw ka na!" galit niyang sabi, galit na galit. **"Paano mong makikita ang patay na, Deib Lohr!"**

Ang galit ay umakyat sa ulo ko, halos masapak ko siya nang kumuyom ang mga palad ko sa pagkakahawak sa kaniya. Pero ang mga mata ni Tob, ang tunog ng piano na unti-unting bumibilis, at ang liriko ng kanta, ang mga iyon ang nakapagpapatino sa 'kin. Ang matinong parte ng puso't isip ko ang nagsasabi sa 'king kumalma ako. Hindi ko siya pwedeng balingan ng galit dahil hindi niya nakita ang nakita ko, hindi niya naramdaman ang nararamdaman ko.

"Deib..." Inalis ni Tob ang mga kamay ko sa balikat niya. Hinawakan niya ako sa magkabilang pisngi at pilit na itinututok ang paningin ko sa kaniya. **"Listen to me,"** tumitig siya sa 'kin, sinigurong nakikinig ako. **"She's gone, 'dre,"** malumanay niyang sabi ngunit ang diin ay nandoon. Nagtiim ang bagang ko.

Bring me to life. *I've been living a lie, there's nothing inside.* ***Bring me to life.***

Bumagsak ang mga balikat ko at dahan-dahan akong napayuko. Unti-unti rin ay kumalma ang kaba sa aking dibdib. Masiyado lang yata akong nag-panic. Tama si Tob. Imposible ang sinasabi kong nakita ko.

Kunot-noo akong napapikit. *Pero bakit ang pakiramdam ay parang totoo?*

"Bumalik na tayo sa loob," anyaya niya ngunit hindi ako nakasagot. **"Deib!"** untag niya. Bagaman nadinig ko na siya mula sa umpisa ay hindi ako tumingin sa kaniya. **"Bumalik na tayo sa loob."**

Hindi ko na siya hinayaang kaladkarin ako. Nagpaumuna na akong bumalik. At bago pa man makapagsalita ang pamilya ko ay kinuha ko na ang mga gamit ko at nagyayang umuwi.

MAX'S POV

ISANG BUWAN pa akong nabilanggo matapos ang pagpapahayag ng hatol. Sa loob ng panahong iyon ay hindi ko na makilala ang sarili ko. Nakababaliw ang bawat pagpatak ng oras. Kung dati ay bagot na bagot ako

sa pagdaan ng araw, ngayon ay para bang dumaan iyon sa isang kurap. Napakabilis.

Nasanay akong maingay ang Kaechon. Palibhasa'y koreksyonal, ang lahat ay nakakakilos nang normal. May mga kumakanta habang naglilinis, naglalaba o nagsasampay. May mga nagsasayaw habang nagsusulat o nagbabasa. May ilan pa ngang nagpapamasahe habang nagpapahinga. Iba't ibang tao ang naro'n ngunit pare-pareho kaming nakagawa ng mali o ipinagbabawal sa batas ng bansa.

Dahil sa posisyon ko ay nakahiwalay ang selda ko sa karamihan. Mag-isa lang ako, walang espesyal na trato pero may sariling banyo. Hindi ko man nakikita ang lahat, dinig na dinig ko naman ang ingay sa labas ng selda ko. At sa buong buwan na iyon ay wala akong ginawa kundi ang tumulala. Naghihintay na matanggap ang kaukulang hatol sa aking nagawa.

Nang araw na iyon, sa unang pagkakataon, naging napakatahimik ng buong Kaechon. Ang tanging ingay na nadinig ko ay ang kampana na gumigising sa lahat sa araw-araw. Maging ang mga kalalakihang araw-araw na tumatakbo para mag-ehersisyo ay hindi ko narinig. Ang mga taga-luto ng pagkain na nagsisipagkantahan ay wala rin.

Maaga akong bumangon para maligo. Alam ko kasing anumang oras ay tatawagin ako para sintensya. Wala akong ginawa kundi magpaikot-ikot sa buong selda. Paulit-ulit lang akong naglalakad, paroo't parito. Hindi ko maintindihan kung bakit para bang naiinip ako sa oras na ayaw ko namang dumating. Bukod do'n ay panay ang tunghay ko sa bintana at pahirapang sinisilip ang napakatahimik na pasilyo. Wala man lang dumaraang sundalo o rango. Pakiramdam ko ay ako lang ang tao sa napakalaking lugar ng Kaechon.

Iyon ang pinakagusto kong panahon ng taon, tag-sibol. Gustong-gusto kong makikita ang lugar na nasasakop ng Empery. Ang bawat puno sa ganitong panahon ay isa-isa kong pinagtutuunan ng pansin at oras. Madalas ay doon ako sa ilalim ng mga punong iyon makikita sa buong magdamag kapag wala akong ginagawa. Pero hindi ko na magagawa iyon ngayon. Maski isang puno nga ay wala na uli akong nakita sa nakalipas na ilang linggo.

Nakakabaliw pala. Isang buwan ko na ring hindi nakikita ang buo kong pamilya. Hindi na sila pwedeng bumisita. Wala na akong anumang karapatan magmula nang mahatulan. At anumang pagkakamaling magawa

ko matapos niyon ay ibabawas sa isang buwang buhay na natitira sa akin. Hindi na ako sumubok pang magkamali.

Nagulantang ako sa tatlong magkakasunod na katok sa bakal na pinto ng selda. Napapalunok akong nag-angat ng maliit na bintana. Agad na kumalabog ang dibdib ko sa kaba nang makita ko ang sombrero ng sundalong nasa labas niyon.

Pero gano'n na lang ang panghihina ko nang bumukas ang hatch at makita ko ang isang tray nang napakaraming pagkain. Dali-dali akong napatayo upang kunin 'yon. Tumango lang sa 'kin ang sundalo at tahimik akong tinalikuran.

Natulala ako sa labas ng maliit na bintana. Mabilis na nangilid ang luha ko at saka ako nagbaba ng tingin sa mabigat na tray. Isang buo ang tustadong manok, may tinapay na mukhang nagmula pa sa Pilipinas, may mga prutas, dalawang mangkok ng kanin, may isang slice ng cake, may isang mangkok ng sinabawang isda at letson.

Sa sandaling iyon ay gusto kong itapon ang pagkain at magmukmok na lang sa isang tabi. Iyon na ang sandaling pinakamahina ako. Natatakot ako, sobra-sobra ang takot na aking nararamdaman. Sa oras na 'yon ay ako ang pinakaduwag na tao sa buong mundo, nasisiguro ko.

Pero maging ang pagkain ay hindi ko pwedeng sayangin. Wala akong nagawa kundi ang sumubo ng pagkain habang lumuluha.

Bitay ang parusa sa akin, kamatayan. Naiisip ko pa lang kung anong pakiramdam ay para na akong nasasaktan. Sa kabaliwan ko nga, may minsan pang pinagsusuntok ko ang parte ng katawan kong may tama ng bala at saksak. Gusto ko nang manghina agad-agad. Dahil sa kapraningan ko ay naisip kong baka-sakaling makatulong 'yon para mabilis akong malagutan ng hininga kapag dumating ang araw na 'to. Pero walang nangyari. Masyadong nasanay ang katawan ko sa iba't ibang uri ng sakit, na kahit yata tumagaktak ang dugo ko dito pati paghihingalo ay matagal sa akin.

"Maxpein Zin del Valle-Moon."

Dagli akong napatayo nang ianunsyo sa mikropono ang buong pangalan ko. Tuloy ay nadali ko ang tray at tumapon ang pagkain hindi ko pa nakakalahating ubusin. Natitigilan akong nagbaba ng tingin sa mga tumapong pagkain 'tsaka napapakurap na nag-angat ng tingin sa pinto. Sa sandaling iyon ay nakita ko ang apat na sundalo. Ang tatlo ay umayos ng tayo sa magkabilang gilid ng pinto, nakataas ang noo at tutok ang mga mata

sa kawalan. Ang isa naman ay magalang akong pinagbuksan ng pinto at matapos niyon ay pumorma ayon sa mga kasama niya.

Napanood ko nang marahang bumukas ang pinto, kasabay niyon ang mahinang ihip ng hangin mula sa pasilyo. Ibulsa ko ang isa kong kamay, doon iyon kumuyom sa takot at kaba. Nanginginig kong inihakbang ang paa ko. Paglabas ay gusto kong magtanong kung bakit wala akong nakikitang rango maski na isa. Kadalasan ay may kasamang isa o dalawang rango sa pagsundo ang mga sundalo.

"Maaari kang gumamit ng telepono ng limang minuto," anang isa sa apat na sundalo nang makalabas ako, gamit ang sarili naming salita. **"Sa nakalaang oras ay iisang tao lang ang maaari mong tawagan."** Nagsalita iyon nang hindi nagbababa ng tingin sa akin.

Natulala na naman ako, hindi ko na yata maibabalik pa ang dating talas ng isip at kilos ko. Sa ngayon kasi, sa bawat kilos ko at galaw ay natitigilan ako. Sa bawat salitang marinig ko ay natututulala ako o kung hindi naman ay naaalerto.

Hinarap ako ng dalawang sundalo, ang isa sa kanila ay nagbaba ng tingin sa mga kamay ko at hiningi ang mga iyon. Nang makita ko ang posas ay 'tsaka ko palang inilahad ang nakakuyom kong mga palad. Mukhang matalas pa rin ang pandinig ko. Dahil nang sandaling lumagutok ang lock ng posas ay naiwan ang tunog niyon sa pandinig ko.

Wala na akong kawala.

Iginaya ko ang mga sundalo. Doon ay marahan kong nasulyapan ang bawat seldang madaanan ko. Gano'n karami ang mga taong nakatunghay sa akin. Sa bawat isang selda ay nasa apat na tao ang nakasilip sa amin. Sunod-sunod ang selda na aking nadaraanan dahil ako ang nasa pinadulo ng mga iyon.

Gusto kong magtanong kung bakit ni isa sa kanila ay hindi gumagawa ng ingay kanina. Gusto kong alamin kung bakit nakabibingi ang katahimikan sa buong Kaechon gayong hindi pala ako nag-iisa ro'n.

Pero mukhang kahit hindi ko na itanong 'yon ay alam ko na ang sagot dahil sa walang-humpay na pagtulo ng mga luha nila. Hindi ko kilala maski na ang isa sa kanila. Pero kung lumuha sila ay para bang myembro ako ng kanilang pamilya. Napapakurap akong napasulyap sa bawat tao na aking madaanan.

Mabilis na nangilid ang mga luha ko, pinigilan ko iyon sa pagsinghal ng tawa. Nakababaliw na lalo ang halo-halong pakiramdam. Ang mga taong

gaya ko na nagkasala sa bansa, malungkot dahil sa sinapit ko.

Mabagal ang paglalakad ng mga sundalo, hindi kasi nila minadali ang paglalakad ko. Dahil habang naglalakad ako ay hinayaan ko ang sarili kong basahin ang lungkot sa mga mata ng taong huli kong makikita. Gusto kong maramdaman kung gaano ako kamahal ng mga tao sa bansang ito sa huling pagkakataon. Gusto kong makita kung gaano silang masasaktan sa katotohanang sasapitin ko.

Sa sandaling iyon ay napagtanto ko. Nagluluksa na ang Kaechon. Inirerespeto ang nalalabing oras ko sa mundo.

Gano'n nila kamahal ang pinakamataas na rango...

Nagbaba ako ng tingin sa mga kamay ko nang magtuloy-tuloy ang mga luha ko. Ang ipit na boses sa lalamunan ko ay nagkukumawala, pinahihirapan akong huminga at umiyak. Napahikbi ako sa paglalakad. Ni isa sa mga sundalo ay hindi inaalis ang porma dahil sa mataas na taong kasabay nila.

Habang naglalakad kami papalapit sa dulo ay tumitindi ang kaba ko. Alam kong nandoon ang death room. Bigla ay parang gusto kong umurong. Gusto kong magmakaawang ibalik na lang nila ako sa selda. Gusto kong makiusap ng ilang araw pa, dahil sa sandaling iyon ko lang napagtantong hindi pa ako handa. Kung hindi man nila ako payagan ay pwede akong gumawa ng paraan. Kayang-kaya kong manlaban kahit pa nakaposas ang mga kamay ko, kahit pa nakatali ang mga paa ko o kahit pa may piring ang mga mata ko. Sinuman sa mga sundalo ay hindi armado. At sinuman sa mga sundalo ay hindi matatalino maski ang baguhang rango. Ako pa kayang pinakamataas sa mga ito?

Tsk tsk tsk, Maxpein. Inilingan at tinawanan ko ang sarili sa isip. Gano'n pala talaga 'yon, nakakabaliw ang katotohanang alam mo kung kailan ka mamamatay at kung sa anong paraan ka papatayin.

Huminto kami sa paglalakad nang makarating sa telephone booth. Iginiya nila ako papasok at pinaupo sa nag-iisang silya na nasa harap ng telepono. Napapalunok akong tumitig sa telepono, naipatong ang pareho kong kamay sa mababang mesa.

Sino ang tatawagan ko sa kanila?

Gusto kong matawa. Hindi ko akalaing posible pa palang malito ako, mag-isip kung sino ang tatawagan sa sandaling iyon. Nakakaloko ang tanong ko sa sarili, nakakaloko ang sandaling iyon.

"Maxpein." Nangibabaw ang pamilyar na tinig ng isa sa mga hukom dahilan para matigilan ako ngunit hindi mag-angat ng tingin. **"You need to see the people of North Korea for the last time."** Sinabi niya iyon gamit ang napakalalim naming salita.

Doon lang ako nag-angat ng tingin sa kaniya. Hindi ako makapaniwalang sa sitwasyong iyon ay kailangan ko pang ibalandra ang sarili ko sa publiko.

Hindi man gano'n kabukal ang pagpayag sa loob ko ay tumango ako bilang pagsang-ayon. Hindi ko na gugustuhin pang suwayin ang anumang utos ng sinumang hukom sa huling pagkakataon. Kung kinakailangang gumawa ako nang mababuti at tamang bagay, iyon na ang tamang panahon. Ang huling pagkakataon.

"I will call my mother first," nasabi ko na iyon bago pa ako makapag-isip.

Naramdaman ko ang matagal na tingin sa 'kin ng hukom bago pa man ito tuluyang tumalikod. Iyon na ang naging hudyat ko para kunin ang telepono at mag-dial ng numero.

"*Yoboseyo*?" Matagal bago sinagot ni Heurt ang tawag ko.

Pumatak agad ang luha ko nang marinig ang kaniyang tinig. Napasinghap ako para tumahan 'tsaka nagsalita, **"*Eomma*..."** Pakiramdam ko ay iyon ang unang beses na binanggit ko ang salitang iyon. Kahit na ang totoo ay paulit-ulit kong tinawag nang ganoon si Maze noong maliit ako. Sa una kasing pagkakataon ay tinawag ko nang ganoon si Heurt. Napakasakit pala.

Nangibabaw ang nakabibinging katahimikan sa pagitan namin at ilang saglit pa ay narinig ko na siyang umiiyak. **"*Y-Ye, ttal*?"** Tinawag niya akong anak.

"N-Natatakot ako..." Sinabi ko iyon kasunod ng paghagulgol. Hindi ko akalaing maiiyak ako nang ganoon katindi. Gumagalaw ang mga balikat at napapayuko sa panghihina at kawalan ng lakas ng loob.

Nahawa siya sa pag-iyak ko, naging maingay rin ang pagluha niya. Ngunit hindi niya nagawang magsalita. Alam kong sa sandaling iyon ay hindi niya alam kung ano ang sasabihin sa 'kin. Hindi niya alam kung paano akong palalakasin. Kung paano akong patatahanin. Dahil wala nang ganoong paraan. Anumang bagay ngayon ay walang magagawa dahil ito na ang katapusan.

"Gusto kitang puntahan ngunit paano?" humihikbing aniya. **"Hindi ko inaasahang magiging ganito ang lahat, Maxpein. Patawarin mo ako. Wala akong naging silbi sa iyo."**

Hindi ako nakasagot. Wala akong panahong makipagsisihan sa kaniya o makipagpalitan man lang ng mabubulaklak na salita. Kung anuman ang nasa isip ko sa sandaling ito, iyon lang ang sasabihin ko.

"Kahit ganito ang nangyari sa 'kin," panimula ko matapos tumahan. **"Bilib ako sa sarili ko dahil kahit wala kayo habang lumalaki ako ay natuto ako."** Siniguro kong walang bahid ng paninisi ang tinig ko. **"Pero nagpapasalamat ako sa inyo dahil sa tiwalang ibinigay ninyo sa akin. Mas kinaya ko kasi naniwala kayong kaya ko."**

"Hanga ako sa lahat ng kakayahan mo, Maxpein. Maging ang mga pagkakamali mo ay hinahangaan ko, maniwala ka."

"Gusto kong ingatan mo ang sarili mo, Heurt," nakapikit kong sabi. **"'Wag mong pababayaan ang mga Moon, lalo na ang mga kapatid ko."**

"Makakaasa ka, Maxpein. Kahit buong buhay ko, ilalaan ko para sa kapakanan ng mga taong mahal mo."

"Babantayan mo si Deib Lohr." Hindi ko maintindihan kung bakit nang siya na ang banggitin ko ay 'tsaka huminto sa pagpatak ang mga luha ko. **"Take special care for him, for me. Make him feel important because he is, to me."** Iyon lang ang naihabilin ko. Pero iyon na mismo ang buhay ko, iiwan at inihahabilin ko sa kaniya.

Hindi ko na matandaan kung kailan ko pa huling inisip ang lalaking iyon. Totoong iniiwasan ko siyang alalahanin. Dahil kapag nagkataon ay paniguradong mawawala ako sa katinuan.

"Kailangan ko nang ibaba," pabulong kong sabi, para bang gagaralgal na naman ang tinig ko. Sa sandaling iyon ay napakahaba para sa 'kin ng limang minuto, buwan ang katumbas. Pero hindi ko kayang patagalin ang usapan namin. Dahil baka bago ko pa man iyon maibaba ay magmakaawa na ako ng tulong sa kaniya. Alam kong wala siyang magagawa. Lalo ko lang siyang masasaktan.

"I love you, Maxpein," aniya nang hindi ako magsalita.

Sandali akong natigilan at malungkot na nagbaba ng tingin. **"I love you, too, mom,"** sabi ko habang kumikibot ang labi. **"Good bye,"** pabulong kong pagtatapos 'tsaka ibinaba ang linya.

Naihilamos ko ang pareho kong kamay sa mukha 'tsaka ako yumuko at umiyak. Ang natitirang tatlong minuto ay inilaan ko sa sarili ko. Hinayaan ko ang sarili kong umiyak nang umiyak, walang pakialam kung sino ang makaririnig. At nahinto lang ako nang tumunog ang buzzer.

Napalingon ako sa likuran ko nang pumasok ang apat na sundalo. Pawang mga nakaangat pa rin ang noo, ni isa ay hindi magawang salubungin ang tingin ko. Kabastusan iyon sa kultura namin. Pero nakakataba ng puso ang lungkot na mababasa sa namumula na nilang mga mata. Batid ko ang nagsusumigaw na lungkot sa puso nila para sa akin. Dahil sinuman sa bansang iyon ay hindi ito nakitang mangyari. Dahil sinumang mamamayan sa bansang iyon ay mataas ang tingin sa akin. Dahil sa unang pagkakataon, sa kasaysayan ng mga rango, nabigo ako.

Hindi ko naiwasang alalahanin ang sandaling ianunsyo na ako ang tatanghaling pinakamataas na rango. Hindi man magsalita si Chairman Moon ay makikita ang matinding paghanga sa mga mata niya. Halos umabos sa langit ang taas ng kaniyang noo sa pagtingala sa akin. Dahil ang anak sa labas na gaya ko ay nagdala ng kahanga-hangang titulo, na kahit na sinong pinuno ng pamilya ay pangarap.

Ang namayapa kong lola ay hukom ng edukasyon at kalusugan. Kaya ang panganay na apo ang magdadala niyon, si Maxwell nga 'yon. Pero nang dumating ako, nang hindi nila inaasahan, nagkaroon ng pagbabago sa loob ng pamilya. Kinailangan kong pumasok sa pagiging rango, obligasyon iyon ng mga babaeng anak sa Emperyo.

Ang namayapang lola ni Sensui ang hukom ng batas at hustisya. Hindi gano'n kalawak ang nalalaman ko sa kaniya. Dahil hindi ko naman inaasahang mamahalin ko siya. Hindi ko na inalam pa ang nakaraan ng kanilang pamilya. Ang tanging nalalaman ko ay kailangan naming maibalik ang simbolo na hindi na nagawang isauli ni Chairman Enrile.

Ang hukom na nakaharap ko kanina lang ang hukom ng kapangyarihan at kayamanan. Marami ang nasasakupan niya, pamumuhay at ikabubuhay ng buong bansa. Ang makapangyarihang mga tao sa bansa ay may ugnayan sa kaniya, maging iyong mga nasa labas ng bansa.

Ang huli ay hukom ng kasiyahan at pagmamahalan. Kakambal iyon ng lola ni Deib Lohr.

Pantay-pantay lang ang mga hukom. Walang mataas, walang mababa, walang nasa gitna. Nagkataon lang na iyong hukom ng kapangyarihan at kayamanan ang siyang may pinakamalaking nasasakupan. Ang desisyon ng isa ay kailangang sang-ayunan ng lahat. Ang plano ng isa ay kailangang malaman ng lahat. Ang bawat kilos nila ay kinakailangan ng pagkakaisa.

"Maxpein Zin del Valle-Moon." Hindi ko alam kung ilang beses na akong tinatawag ng sundalo. Dahil sa sandaling iyon ay nakatingin na siya

sa akin nang deretso, nag-aalala ang mukha. **"*Gwaenchannahashimnikka*?"** napakagalang nitong tanong, inaalam kung ayos lang ba ako.

Pasinghal akong ngumiti habang nakababa ang tingin. *Paano ko bang sasagutin ang tanong na 'yon ngayon sa ganitong sitwasyon? Mamamatay na ako, ilang minuto mula ngayon. Ayos nga lang ba ako? Hindi ko na yata alam ang ibig sabihin ng salitang iyon.*

Tumayo ako. Agad silang nagsipag-ayusan ng tindig. Nang mag-angat ako ng tingin ay 'ayun na ang tatlong hukom sa labas ng telephone booth. Napabuntong-hininga ako nang makitang wala pa rin ang ikaapat na hukom. Ang hukom ng kasiyahan at pagmamahalan. Magmula nang pumunta sila sa Pilipinas para sunduin kami ay hindi ko pa siya nakikita. Nahatulan na ako at lahat ay hindi ko pa rin siya nakikita. Tuloy ay hindi ko mapigilang isipin na hindi ito sang-ayon sa hatol sa akin.

Tss. Kung hindi ito sang-ayon ay matagal ka nang wala dito, Maxpein. Nakaluhod ka na sana sa harap ng bading na Sensui mo at sinasabi sa kaniya ang proposal mo.

Ang isiping iyon ang muling nakapagpakirot sa puso ko. Wala pa man kasi ay naiisip ko na ang magiging hitsura naming dalawa. Kung paanong iiyak siya sa tuwa at saya at ako naman ay iiling-iling na lulunukin ang hiya. Maging ang malalakas na tawanan at nakakaasar na biruan ng mga kaibigan at kakilala namin ay hindi nakaligtas sa imahinasyon ko. Napakarami kong plano para sa ikasasaya ng lalaking iyon.

Sa kagustuhan kong maging kakaiba, handa akong mag-propose sa kaniya. Sa kagustuhan kong maipakita ang Empery, handa akong yayain siyang magpakasal. Sa kagustuhan kong maipakita ang organisasyon, gusto kong maging myembro agad siya ng aming pamilya.

"The people of North Korea are waiting for you in front of Kaechon, Maxpein," anang unang hukom. **"They're waiting for four hours now."**

Nag-angat ako ng tingin at mabilis na naglakad palabas. Iyon ang ayaw na ayaw ni Chairman Moon, ang paghintayin ang mga taong ang hangad lang ay makita kami.

Hindi na ako nagsalita at sa halip ay sumabay na lang ako sa kanila sa paglalakad. Inaasahan kong makikita ko ro'n ang pamilya ko. Inihanda ko na agad ang sarili ko sa matinding bugso ng damdamin. Magiging makasaysayan ang sandaling ito, nasisiguro ko. Dahil ako ang kauna-

unahang rango na nakagawa nang mabigat na kasalanan sa murang edad. Ako rin ang kauna-unahang rango na hindi tumagal sa posisyon.

Malayo pa lang sa bakal na pinto, na siyang mataas na gate ng templo ng Kaechon, naririnig ko na ang malalakas na tinig nang napakaraming bilang ng tao. May mga humahagulgol na dahilan para magbago agad ang nararamdaman ko. Hindi ko inaasahang ganito pala ang pakiramdam na iniiyakan ka ng mga tao. Naranasan ko na ito sa Chairman Moon, maging sa lola ko. Pero wala na silang buhay no'n. Samantalang ako ay buhay pa, iniiyakan na.

Umugong ang nakabibinging tunog ng trumpeta na sinabayan ng napakalakas na gong nang bumukas ang bakal na pinto. Naiharang ko ang pareho kong braso sa mata ko nang masilaw ako sa liwanag ng araw. Nasisinagan naman ng araw ang selda ko ngunit dahil mataas ang bintanang tumutunghay sa labas ay hindi ako nasisilaw. Kahit anong tahimik din ng paligid ay hindi ko marinig ang tunog ng tubig-dagat sa loob, gano'n kalayo ang pader ng Kaechon sa tabing-dagat.

"All rise for the highest empery rank." Napalingon ako sa unang hukom nang ito ang mag-anunsyo gamit ang sarili naming salita. Bukod sa gawain iyon ng lalaking rango ay hindi ko inaasahang ituturing pa rin ako nitong pinakamataas na rango.

Doon ko lang tinanaw ang mga tao na nasa ibaba ng templo ng Kaechon. Nasisiguro kong ang karamihan nang naro'n ay tao ng Emperyo. Dahil hindi magkakasya ang lahat kung darating ang Monarkiya at Dynastiya. Sa gano'ng sitwasyon pa nga lang ay umaabot na sa labas ng bakod ang ilan.

"Nasaan ang mga rango?" tanong ng ikatlong hukom dahilan para mapalingon ako sa dagat ng tao.

Agad na nangunot ang noo ko nang matanawan kong wala nga maski isang rango. May natatanging kasuotan ang mga rango na hindi makikita sa normal lang na tao. Sa sandaling iyon, ako lang ang nag-iisang rango sa lupa ng Kaechon.

"Ipatawag si Laieema," anang ikatlo, mabilis na sumunod ang mga sundalo.

Kunot-noo akong nilingon ng unang hukom at pinakatitigan. Matapos ko siyang sulyapan ay hindi ko na uli siya tiningnan.

Ngunit hindi pa man nakabababa ang mga sundalo ay may lumipad na pana sa gawi namin na alertong nasalo ng unang hukom!

Mwoya?

Matapos kong sipatin ang hukom ay mabilis kong iginala ang paningin ko. At gano'n na lang ang gulat ko nang isa-isang magsipaglabasan ang mga rango sa likod nang nagtataasan, nagtatabaang mga puno sa palibot ng Kaechon!

"What do you think you are doing, Laieema!" sigaw ng ikalawang hukom matapos pumunta ni Laieema sa mismong harapan ng templo, nakatingala sa aming pare-pareho.

"We need the highest empery rank," matapang na sagot ni Laieema.

"What did you say?" galit na anang unang hukom.

"The Empery needs the highest empery rank, *Mama*." Puno ng lakas ng loob si Laieema, kung saan niya iyong kinukuha ay hindi ko alam.

"Ano ba ang sinasabi mo?" hindi ko napigilan ang magsalita. **"Manahimik ka, Laieema."** Humahanga ako sa lakas ng loob niya pero wala siyang karapatang magsalita nang ganoon kataas sa hukom. Kahit pa ang kapakanan ko ang isinasaalang-alang niya. Hindi ko ito hiniling. Hindi ko gugustuhing mapahamak siya.

Ni hindi man lang ako sinulyapan ni Laieema. Nanatili sa mga hukom ang tingin niya. **"We need the highest empery rank,"** mariin niyang pag-uulit. **"The Empery needs the highest empery rank. Mawawalan ng saysay ang Emperyo kung mawawala ang pinakamataas na rango."**

"Laieema..." Hindi ko inaasahang sasabihin niya iyon.

"Wala pang may kakayahang pumalit sa kaniya, *Mama.* Kayo na rin ang nagsabing walang katulad ang lakas niya," patuloy ni Laieema. **"Hindi ko isasaalang-alang ang buong Emperyo sa kawalan ng pinakamataas na rango. Patawad."** Iniluhod niya ang isang tuhod at matagal na tumango sa mga hukom.

Magsasalita na sana ang ikatlong hukom nang bigla ay humilera ang napakalaking bilang ng mga babae at lalaking rango. Ang mga tao ko. At likuran ng mga iyon ay hindi kapani-paniwalang nakihelera ang buong pamilya ko. At nang magbigay daan sina More at Mokz ay lumabas sa gitna nila ang ikaapat na hukom.

"By the power bestowed upon me I rescind the judgment. Let the highest empery rank live," makapangyarihang anang ikaapat na hukom. Nakakikilabot ang kapangyarihang nandoon sa tinig at mga mata niya. Iyon iyong utos na hindi mo pwedeng tanggihan dahil kailangang masunod.

Nangibabaw ang sandaling katamikan ngunit agad din iyong napalitan nang matinding hiyawan. Natulala ako sa hindi mabilang na tao na

nagsasaya ngayon sa harap ko. Natitigilan kong pinanood ang magaganda nilang ngiti sa akin. Para bang huminto bigla ang mundo ko nang mawala ang ingay sa pandinig ko at naging mabagal ang pagkilos ng lahat sa paningin ko. Ngunit ang kaninang mabilis nang tibok ng puso ko ay mas bumilis pa ngayon.

I can't believe this.

Natutulala pa rin akong napalingon sa mga hukom. Kunot ang mga noo nila, pawang nakatingin sa ikaapat na hukom na nasa ibaba. Nang hindi sila mag-abalang lumingon sa akin ay 'tsaka lumipag ang tingin ko sa ikaapat na hukom. At naramdaman ko ang pagbabago ng emosyon ko nang bahagya siyang ngumiti sa akin at tumango.

~ To Be Continued . . . ~

OceanofPDF.com

CHAPTER 235

CHAPTER 235

DEIB'S POV

"GOOD EVENING, Engineer Enrile!" masayang bungad ni Kimeniah nang sagutin ko ang tawag niya.

Napangiti ako. **"Napatawag ka?"**

"Are you busy?"

"Nope. Nanonood ako ng TV. Kaso ay wala nang magandang palabas."

"I see. Wala lang, hehehe. Naisip ko lang bigla na tawagan ka."

"Mangungulit ka lang, eh," nakangisi kong sabi 'tsaka iniitsa ang remote control. Nakakabagot nang magpalipat-lipat ng channels.

"I think kailangan ko ng makakausap."

"I'm listening."

"Eh, naisip ko kasi ang studies ko. Parang gusto kong mag-focus na lang muna sa studies bago ang career ko."

Bahagya akong dumapa at niyakap ang unan. **"That's a good idea, Kim. Then, what's the problem?"**

"Worried ako kasi baka wala na akong balikang career," mahihimigan ang lungkot niya sa kabilang linya. **"Ang sabi kasi ng manager ko ay sayang naman 'yong status ng kasikatan ko. Hindi raw lahat ay naabot agad-agad 'yon."**

"Pero sayang din 'yong taon na pinalilipas mo."

"Kaya nga, eh," nasisiguro kong nakanguso siya nang sabihin 'yon.

"Besides, 'yong kasikatang meron ka, pinaghirapan mo rin 'yon at hindi nakuha nang basta-basta. Kung babalikan mo 'yan matapos mag-aral, pwede mo ulit 'yang paghirapan."

Napabuntong-hininga siya. **"You know what? You're right. Nainggit kasi ako no'ng makita ko kayong grumaduate."**

Kasalukuyan kasing hinto sa pag-aaral si Kim. Dahil sa sunod-sunod na proyektong naibigay sa kaniya ay naapektuhan ang oras niya sa pag-aaral.

Masiyado siyang na-excite sa takbo ng career niya, tuloy ay naisaalang-alang ang mas magandang kinabukasan.

"You know naman na mahal na mahal ko ang pag-aaral," dagdag pa niya.

"Hey, cheer up. Hindi pa naman huli ang lahat para magpatuloy ka."

"Paano 'yong career ko?"

"Tch," natawa ako. **"Paano ang pag-aaral mo? 'Yan dapat ang tanong, Kim. Ang kasikatan ay lumilipas at napapalitan. Ang mga sikat ay nalalaos. Ang talento ay mananatili sa puso't isip mo, pero ang lakas ay nauubos. Edukasyon lang ang mananatili sa 'yo, at nadadagdagan 'yon habang humihina ka."**

Napabuntong-hininga siya. **"I'm so depressed. I don't know what to do."**

"Ano ba kasing pumipigil sa 'yo na mag-aral ulit? Napagsasabay mo naman, 'di ba?"

"'Yong schedule nga. Maling-mali talaga na huminto pa ako."

"You have to think about it. Alin ba sa dalawa ang matimbang sa 'yo? Pag-aaral o pag-aartista? Bilang kaibigan mo ay 'yong pag-aaral ang gusto kong piliin mo. Iba 'yong may natapos ka."

"Ugh!" puno ng iritasyon ang pagbuntong-hininga niya. **"I'm so stressed out right now. Lalo na at pinagagalitan din ako dito sa bahay. Si Ate Keziah ay panay ang bulyaw sa 'kin. Nakakainis na."**

Sandaling natahimik ang pareho naming linya. **"You wanna go out?"**

"Huh?"

Gusto kong matawa, parang gulat na gulat siya. **"I go out when I'm feeling stressed. Pumupunta ako kung saan-saan. Maybe you might want to try."**

"Sure," matagal bago siya nakasagot. **"Saan naman ako pupunta?"**

Natawa ako. **"Ayaw mo 'kong kasama?"**

Hindi agad siya nakasagot. **"Ah, tayong dalawa ba?"**

"Of course." Umayos ako ng higa at kunot-noong tumitig sa kisame. **"Plano kong pumunta sa Batanes, gusto mong sumama?"**

"Agad-agad?"

"Hindi naman. Bukas pa."

"What? Eh, di agad-agad nga!" natatawa niyang sabi.

"Pwede naman akong mag-solo kung ayaw mong sumama," natatawa ko ring sagot.

"Sige, sasama ako," mayamaya ay sagot niya.

"Good girl," nakangisi kong sabi. **"Now go to bed, I'll pick you up tomorrow afternoon."**

Matagal bago siya nakapagsalita. **"See you, Engineer Enrile."**

"Goodnight." Hinintay ko siyang maibaba ang linya. Basta ko na lang inilapag ang telepono 'tsaka ako muling tumingala sa kisame.

This time, I'm letting you go... Napapikit ako sa sariling isipin, gustong kuwestiyonin kung iyon nga ba talaga ang gusto ng puso ko, pero mas pinili kong maging blangko. Ayaw ko nang mag-isip, ayaw ko nang makiramdam. Sasabayan ko na lang.

MAAGA pa lang ay inihanda ko na ang mga gamit na dadalhin ko. Matapos niyon ay sinundo ko na si Kimeniah sa bahay. Bago maghapon ay papasakay na kami sa eroplano.

Syempre, hindi niya inaasahan ang lakad na ito bagaman may ilang beses na rin kaming nagkasama sa mga nagdaang panahon. Ngayon lang kami magkakasamang dalawa. At batid kong naiilang pa rin siya.

"Hindi ba magtatampo ang mga kaibigan natin nito? Gumala tayo nang solo," ani Kim nang makaupo siya.

"Hindi 'yon," nakangiwi kong sabi. **"Alam naman nilang ngayon lang ako nagkaroon nang tunay na bakasyon. And besides, they're all busy."** Kinuha ko ang bag niya at inilagay sa compartment. Pagkaupo ay bumuga ako ng hangin. Nilingon ko siya matapos kong maramdamang nakatingin siya sa 'kin. **"Why?"**

"Wala naman," napapabuntong-hininga niyang sagot, nilingon ang bintana bago muling bumaling sa 'kin. **"Excited lang ako."**

"Talaga, saan?"

"Dito," tipid ang ngiti at kunot-noo niyang sagot. Sa reaksyon niya ay para bang natatangahan siya sa tanong ko. Hindi ko na lang siya pinansin. **"Hindi pa kasi ako nakarating sa Batanes,"** natatawa niyang sagot. **"'Tsaka feeling ko ngayon lang ako makapagbabakasyon nang walang kasamang manager, o kahit na sinong may kinalaman sa trabaho."**

"'Swerte ko pala," tatango-tango kong sabi 'tsaka nag-seat belt.

Naramdaman ko na naman ang matagal na titig sa 'kin ni Kim pero hindi ko na iyon pinansin. Nakangiti kong inihilig ang ulo ko at pumikit, nagpanggap na matutulog.

"Deib?" tawag niya.

"Mm?" tugon ko nang hindi nagmumulat.

"Bakit mo ako isinama?"

Hindi ko nagawang sumagot agad. Marahan akong nagmulat at inosenteng lumingon sa kaniya. **"Why not?"** nakangiti kong tanong. Ngunit mukhang hindi siya kumbinsido sa ngiti at reaksyon ko. Mababasa kasi sa mga mata niyang nakikiramdam siya, may bagay na inaalam.

"Wala lang," nagkibit-balikat siya. **"Honestly, hindi ako masiyadong nakatulog kagabi kaiisip kung bakit naisipan mo 'kong isama."** Nag-iwas siya ng tingin, nahihiya.

Muli ko namang inihilig ang ulo ko at pumikit. **"Baka kinikilig ka."**

"Ano?" Bigla niya akong pinalo. **"Napakaloko mo."**

Ngumisi ako nang nakapikit. **"Matulog ka ngayon kung puyat ka. May isa't kalahating oras na byahe tayo."**

"Hindi na."

Nagmulat ako at tinitigan siya. **"Ano ang gagawin mo, tititigan ako hanggang sa makarating tayo?"**

Muli niya akong pinalo. **"Ang kapal mo, Deib, ah! 'Wag mo nga akong binibiro nang ganiyan,"** mataray niyang sabi 'tsaka nanahimik.

Nakapikit akong ngingisi-ngisi at hindi na kumibo pa, dahilan para makatulog ako nang hindi namamalayan.

Sa unang pagkakataon, sa pakiramdam ko'y napakahabang panahon, nakatulog ako nang hindi nananaginip. Hindi ko alam kung bakit ngunit nagpapasalamat na ako sa ganoon kaliit na bagay. Parati na lang kasing mababaw ang tulog ko, nalulunod marahil sa kaiisip nang kung ano-ano. Pero sa sandaling iyon, naramdaman ko kung gaano kalalim ang naging pagtulog ko.

Nagising ako nang mag-anunsyo ang piloto pagkarating namin. Si Kim naman ay aliw na aliw sa kasisilip sa bintana hanggang sa makababa. Maging sa pribadong sasakyan na nirentahan ko ay panay na ang pagkuha niya ng larawan sa kaliwa't kanan.

"Wow!" hindi niya naitago ang paghanga nang makita kung saang hotel kami tutuloy.

Hindi ko siya masisisi dahil talagang masarap sa paningin ang makalumang istilo ng hotel and resorts na iyon. Halos lahat ng kasangkapan, kagamitan at paligid ay gawa sa kahoy at kawayan. At kahit saan tumingin ay puti at tsokolate ang nangingibabaw na kulay.

Hindi ko maiwasang tingnan ang tuwa sa mukha niya, napakanatural niyon. Ngayon ay naiintindihan ko na ang pinagdaraanan niya. Hindi kasi mahahalata sa mukha niyang stressed siya. Kahit na sinong babae siguro ay gugustuhin nang ma-stress kung kasing-ganda niya ang magiging hitsura.

Ako naman ay hindi na makuhang mamangha nang sobra dahil hindi na iyon ang una. Ikalawang beses ko nang pumunta ro'n. Maraming nagbago. Pero ang alaalang naiwan sa puso't isip ko sa lugar na 'to ay ganoon na ganoon.

Iyong pinakamalaking kwarto ang kinuha ko para sa 'min ni Kim. **"Ayos lang ba sa 'yo na pareho tayong nandito?"** tanong ko nang dalhin ko siya ro'n.

Pinanood ko siyang igala ang paningin, napapalunok pa. **"Walang separate na kwarto?"**

"Wala na, eh." Tumuloy ako at naupo sa sofa. **"Tatlo naman ang kama, may isa sa pagitan nating dalawa."**

Natitigilan siyang tumitig sa 'kin. **"At okay lang sa 'yo 'yon?"**

"Sa 'kin, ayos lang. Ikaw ang iniisip ko," deretso kong sabi, hindi siya nakasagot. **"Pwede kitang kunan ng panibagong kwarto."**

"Ah..." Napapailing siyang tumuloy. **"Hindi na. Ayos lang."** Nag-iwas siya ng tingin.

Tumango ako. **"Wala naman akong gagawin sa 'yo,"** nakangisi kong sabi.

"Hindi naman gano'n ang iniisip ko."

"Pwera na lang kung ikaw ang may gagawin sa 'kin," muli akong ngumisi. Mukhang hindi niya nasakyan ang biro ko. Ni hindi man lang siya ngumiti. **"I was joking."**

Pilit siyang ngumiti 'tsaka naupo matataas na upuang gawa sa kahoy ng puno, sa mismong kitchen island. **"Maganda dito."** Tiningala niya napakagandang kisame. **"Gaano tayo katagal dito, Deib?"**

"Tatlong araw ang plano ko. May kailangan ka bang gawin? Pwede naman tayong umuwi nang maaga."

"Ah, hindi. Ayos lang. Nagpaalam naman ako."

"Good girl." Ngumiti ako 'tsaka muling tumayo. **"'Ayun ang cabinet mo, 'eto naman ang sa 'kin."** Itinuro ko ang dalawang aparador na gawa rin sa kahoy. **"Aayusin ko lang ang gamit ko 'tapos bababa na tayo para kumain."**

"Sige." Mabilis siyang kumilos.

"Pagkatapos kumain ay may pupuntahan tayo." Nilingon ko siya para ngitian.

Hindi na siya kumibo pa. Mukhang ilang na ilang sa 'kin si Kim, hindi ko naman maintindihan kung bakit hanggang ngayon ay nagkakaganoon pa rin siya. 'Sabagay, single pa rin siya at hindi pa nagkakaroon ng boyfriend ulit. Marahil ay naiilang pa rin siya dahil sa nangyari sa nakaraan.

"Wow." Muling namangha si Kim nang makita ang mga pagkaing isa-isang inilatag sa harap namin. Puro seafoods ang mga iyon. Alam ko kasing nag-iingat siya sa mga kinakain kaya iyon ang pinili ko.

"Ito ang mga pagkaing ipinagmamalaki nila. Kahit marami ay kaunti lang naman ang servings. Paniguradong mauubos natin 'to," nangungumbinsi kong sabi. **"Uubusin natin, 'di ba?"**

Nakasimangot siyang tumingin sa 'kin. **"Ayos lang ba kung mabitin?"**

Napamaang ako. **"Hindi ba't diet ka?"**

"Gusto kong kumain nang marami," nakanguso niyang sabi saka nilingon ang pagkain. **"Matagal na 'kong hindi nakakain ng mga ito."**

Natawa ako. **"Mas gusto ko 'yon."** Inabot ko ang mga sugpo at nilagyan ang plato niya. Naglalaway niyang pinanood ang pagkuha ko ng iba pa.

"Eat well," nakangiti kong sabi saka pinanood siyang sunggaban ang mga iyon.

Halos hindi ko na magawang pagtuunan ng pansin ang sarili kong pagkain. Nalibang akong panoorin si Kim na tikman ang bawat putaheng nakahain sa 'min. Mukhang matagal na nga siyang hindi nakatikim ng mga iyon. Kahit kasi may kanin ay dalawang sugpo at isang malaking alimango ang nagawa niyang ubusin. At mukhang hindi siya ro'n matitigil dahil maging ang bukayo ay nilantakan niya.

"Ah!" dumighay siya nang pagkalakas-lakas matapos ang isa't kalahating oras. Natutop niya ang sariling bibig at napapahiyang tumingin sa 'kin. **"Sorry."** Nag-peace sign siya.

"Tch. Let's go?"

"Saan tayo pupunta?"

"Mamamangka," nakangiti kong sabi sabay lahad ng kamay sa kaniya.

Natitigilan siyang tumitig sa kamay ko at nag-angat ng tingin sa 'kin. Natawa ako at pinagkrus ang kamay ko. Mukhang nagugulat siya sa mga iniaasta ko dahil dadalawa lang kami ngayon, noon ay wala lang naman sa kaniya ang mga iyon.

"Tara." Nanguna ako sa paglalakad, mabilis naman siyang sumunod.

"Excited na 'ko!" animong kinikilig na aniya.

"Kahit saan naman yata ay excited ka," natatawa kong sabi saka ko siya pinagbuksan ng pinto ng sasakyan. Nakanguso siyang sumakay at nagsimulang mag-picture.

Kahit na tirik na tirik ang araw ay malakas at malamig ang simoy ng hangin. Maraming turista pero iilan lang ang nakakasabay namin. Parang napakaperpekto tuloy ng panahon, umaayon sa lakad namin.

Sumakay kami sa pribadong yate papunta sa isang pribado ring isla. Nang makarating doon ay saka kami tinuruan nang tamang paraan ng pagsasagwan. Iyon kasi ang gagamitin namin ni Kim sa palibot ng isla, ang mamangka.

"Kung hindi mo 'ko isinama, gagawin mo' tong mag-isa?" ani Kim habang nakatingin sa kulay puti na bangkang gagamitin namin.

Nakangisi akong tumango. **"Oo naman."**

"Paano ka magpi-picture?"

"Tch. Hindi naman ako pumunta rito para kumuha ng litrato," inilahad ko ang kamay ko sa kaniya upang alalayan siya pasakay sa bangka. **"Gusto kong maiwan lahat sa isip ko."**

"Paano kung makalimutan mo ang hitsura?" aniya saka maingat na naupo.

"Eh, di 'yong pakiramdam ang babalikan ko. Paniguradong hindi ko makakalimutan 'yon."

Nginiwian niya ako. **"Mas maganda pa rin 'yong may pictures, may remembrance."**

Nagkibit-balikat ako. **"May magbabago pa rin naman sa lugar na 'to, kahit ilang pictures pa ang makuha ko."**

"Whatever," mataray niyang sagot. **"I want to take pictures so I'll take pictures, 'wag kang mag-picture kung ayaw mo."**

Iiling-iling ko siyang tinawanan. **"Lalakad na tayo, ah?"** sabi ko habang ipinoposisyon ang sarili ko.

"Akala ko ba ay magbabangka tayo?"

Nagugulat akong nag-angat ng tingin sa kaniya. Nginisihan niya ako. **"Ang korni mo. Tch."**

Tumawa siya nang malakas at iniharap ang camera sa 'kin. **"Smile for me, Engineer Enrile!"**

Imbes na sundin ay sinimangutan ko siya at saka ako nagsimulang magsagwan. Kinuhanan niya ako at pinagtawanan ang kung anumang

kinalabasan.

Panay ang lingon at kuha ni Kimeniah sa kaliwa't kanan kahit na pare-pareho lang naman ang nakikita niya. Maraming puno sa di kalayuan at bukod do'n ay tubig.

"Sana payagan ako ni mommy na sa beach mag-celebrate ng birthday. 'Yong kompleto ang family at friends ko, masaya 'yon for sure," aniya mayamaya. **"Gusto ko sa Palawan!"**

Natitigilan man ay hindi ako nagpahalata. **"Marami pa namang lugar, ayaw mo sa iba?"**

Umiling siya. **"Gusto ko ro'n sa island ni Maxwell."**

"Tch."

"Maganda ro'n, 'di ba?"

"Yeah," tipid kong sagot saka bumuntong-hininga. Ibinaling ko na lang ang atensyon ko sa tubig at pagsasagwan.

"A small celebration will do, I want everything to be simple," aniya na para bang nakikita na sa isip ang mangyayari. **"Kahit wala nang sayawan, tutal wala naman akong partner."** Malungkot niyang itinuon ang paningin sa camera at muling kumuha.

Naiwan akong nakatingin sa kaniya, nakita ko tuloy siyang bumuntong-hininga. 'Yong lungkot niya ay para bang malaking kawalan ang kapares sa birthday. Para bang hindi pwedeng mabuo ang birthday party kapag walang kapares ang celebrant. Gusto kong matawa.

Nang tila maramdaman niya ang tingin at pananahimik ko ay dahan-dahan siyang nag-angat ng tingin sa 'kin. Nailang siya at hindi magawang labanan ang mga mata ko.

"I can be your partner," suhestiyon ko sabay iwas din ng tingin. Naramdaman ko siyang lumingon bigla sa 'kin. **"If you need one."**

"Seriously?" nanlaki ang mga mata niya.

Natawa ako. **"Bago ba 'yon, Kimeniah?"**

"Anong bago?"

"Tch. Ilang beses na tayong nagkapareho, bakit nagugulat ka pa?"

Ngumuso siya. **"Nahihiya ako, eh."**

"'Wag kang mag-assume para hindi ka na mahiya." Nginisihan ko siya.

Lalo siyang ngumuso, sinamaan pa ako ng tingin. **"Bad guy,"** dinig kong bulong niya.

Matapos ang mahaba-habang pagsasagwan ay huminto ako sa gitna ng tubig. Ilang beses akong bumuntong-hininga at saka ko nilingon ang paligid. Napapangiti kong inisa-isa ng tanaw ang bawat punong nasa di kalayuan. Nang maubos ay saka ko sinuyod ang tubig, na wala namang pagbabago sa paningin ko pero gandang-ganda ako.

"Hindi ko alam na mahilig ka pala sa nature?" hindi ko namalayang pinapanood pala ako ni Kim. Ngumiti siya sa akin at saka itinutok ang camera.

Ngumiti ako at pinindot niya ang shutter. **"Tch."** Hindi ko naman sinabing kunan niya ako. **"Hindi naman sa mahilig, gusto ko lang talagang pumunta dito ngayon."**

"As in dito sa part na 'to?" maarteng tanong niya. Natatawa akong tumango.

Pinandilatan niya ako nang bigla akong tumayo at maghubad ng damit. Nakita ko siyang lumunok nang board shorts at kwintas na lang ang maiwan sa 'kin.

"What?" tanong ko.

"Hindi mo sinabing lalangoy, Deib Lohr."

"Then, I'll tell you now," ngumisi ako. **"Lalangoy tayo, Miss Gozon."**

"What? I'm not prepared!"

"'Yan lang ba ang suot mo?" itinuro ko ang suot niyang hippie cover-up at harem pants.

"Ha?" nauutal, napapamaang na tugon niya.

"May suot ka pa sa ilalim niyan panigurado." Ngumisi ako saka tumalon sa tubig.

Nakapikit kong ninamnam ang malamig na tubig sa balat ko. Nang magmulat naman ako ay sumisid lang ako nang sumisid. Nang magsimulang dumilim ang parte na iyon ng tubig ay 'tsaka ko hinayaang lumutang ang sarili ko.

Iba't ibang uri ng isda ang nakita kong umiiwas sa 'kin at lumangoy papalayo. Sari-sari ang hugis, laki at kulay. Tuloy ay hindi ko maiwasang muling makaalala. Nakangiti kong pinagmasdan ang mga iyon habang dahan-dahan akong lumulutang papaangat.

It was hard letting you go, Taguro. And it's still fucking hard!

"Hey!" bulalas ni Kim nang makaahon ako.

"What?" inosente kong tanong habang pinupunasan ang mukha ko.

Napatitig siya sa 'kin. **"Nag-alala ako sa 'yo, ang tagal mo kasing umahon. Baka 'kako napaano ka na."**

"Sumisid lang ako."

"Oo nga, ang tagal mo, eh," aniya habang tatalon-talon sa tubig.

"Malalim 'yong tubig."

"'Wag ka doon sa masiyadong malalim, hindi ako magaling lumangoy."

Natatawa akong tumitig sa kaniya, at nang may maalala ay saka ako sumeryoso. **"Takot ka ba sa isda?"**

Para bang nawirduhan siya sa tanong ko. **"Hindi."**

Nakangiti akong bumuntong-hininga. **"Eh, di sumama ka sa 'king sumisid,"** hinawakan ko siya sa pulsuhan.

"Ayoko nga, baka malunod ako."

"Kasama mo 'ko, okay?" natatawa kong sabi.

"Ikaw na lang, basta 'wag kang lumayo." Nag-iwas siya ng tingin.

"Maganda ro'n sa baba."

Tumitig siya sa 'kin nang masama saka inaninaw ang tubig na para bang makikita niya ang malalim niyong parte. **"Ano ba'ng meron do'n?"**

"Isda."

"Talaga?" nagliwanag ang mukha niya.

"Magagandang isda."

"Sige!"

"Ready?" Hinawakan ko siya sa isa pang pulsuhan.

"Wait! Wait! Paano kung kapusin ako ng hininga?" inosente siyang tumingin sa 'kin saka muling inaninag ang malalim na parte ng dagat.

Napatitig ako sa kaniya. Naramdaman ko nang mangunot bigla ang noo ko. Hindi ko na naman naiwasang maalala si Taguro. Kung paanong nagkaroon kami ng sandaling kahawig niyon. Kung paano kong isinalin ang sarili kong hangin sa kaniya gamit ang pareho naming labi.

"Nandoon naman ako, eh," hindi alam kung kailangan ko ba 'yong sabihin. *What the hell are you saying, Deib?*

"Ano namang gagawin mo?" nakasimangot niyang tanong.

Napahugot ako nang malalim na hininga saka binitiwan siya. **"Sige, ako na lang."**

"Ha?" naguguluhan niyang tanong.

Nagbaba ako ng tingin at saka pilit na ngumiti. **"Lumangoy ka na lang diyan. Ako na lang ang sisisid."**

"G-Gusto ko rin makita 'yong mga isda."

Napapabuntong-hininga akong tumitig sa kaniya. **"Isang beses lang, tapos lalangoy na tayo."**

Nagliwanag ang mukha niya saka tumango. **"Isa lang,"** aniya pang sumenyas ng isa.

Inilingan ko siya saka tinuruan nang tamang paghugot ng hininga. Sabay kaming lumubog at sumisid. Nilingon ko si Kim, hindi mawala ang tuwa sa mga mata niya habang papalalim kami nang papalalim. At ganoon na lang din ang tuwa ko nang makita ko ang paghanga sa mga mata niya matapos makita ang malalaki at maliliit na isda.

Lalo pa siyang natuwa nang makita niya ang grupo ng mga isdang dumaan sa mismong harapan namin. Nang bulabugin ko ang mga iyon ay muli siyang namangha dahil matapos maghiwa-hiwalay ay muling nagsama-sama ang mga iyon upang lumangoy nang sabay.

Kumawag siya sa tubig at saka itinuro nang itinuro ang mga iyon. Hindi man bumuka o gumalaw ang mga labi at pisngi niya, ang saya ay naro'n sa kaniyang mga mata.

Sana tumibok na lang ulit ang puso ko para sa 'yo, Kim. Gusto ko nang makalimot pero matigas ang isip at sariling utak ng puso ko.

Hindi ko maintindihan kung bakit sa itinagal-tagal na panahong nakalipas, gano'n pa rin ang nararamdaman ko. Ang mga kakilala ko ay napagsasabay isipin ang pag-aasawa, pagpaplano at pagtatrabaho. Samantalang ako ay tila nakalibing sa iisang pakiramdam. Para bang hindi ako umuusad. Kahit pa paulit-ulit akong sabihan nang nagma-mature na, pakiramdam ko ay walang nangyayari.

Nang sandaling iyon ay parang huminto ang paligid ko. 'Ayun si Kim at manghang-mangha sa mga isda, habang ako ay pilit na kinakikitaan ng maganda ang bawat kibot ng mukha niya. Alam kong may kulang, nararamdaman ko sa puso kong hindi kompleto ang buo kong pagkatao. Naghahangad ako nang higit pa ro'n, bagaman alam kong imposible iyon.

Ano ang gagawin ko kung 'eto nalang ang meron ako? Tch. Kailan ba ako makokontento?

Ang nagpapahirap sa 'kin ay ang kagustuhan kong makatuluyan si Taguro kahit pa wala na ito. Na kahit alam kong napakarami pang hihigit sa kaniya, at sa mga nagawa niya, siya lang ang gusto ko. Na kahit gaano katagal, handa akong maghintay, kahit hindi siya, basta katulad niya ulit ang ibibigay.

"Ang galing natin!" ani Kim nang tulungan ko siyang sumakay ulit sa bangka matapos ang mahigit ilang oras na pagbababad sa tubig.

Kapansin-pansin ang mabilis na pagdilim nang kanina'y napakaliwanag na mga ulap. Hindi na ako nagtaka nang pumatak ang maliliit na butil ng ulan.

"Ayos lang ba sa 'yong maulanan tayo?" tanong ko kay Kim habang nagsasagwan. **"Malayo pa tayo."**

"Ayos lang, basa na rin naman ako." Nagkibit-balikat siya.

Ngumisi ako. **"Good girl."** Sinamaan niya ako ng tingin at nginiwian bilang tugon. Mayamaya lang ay 'ayun na naman siya at ang camera niya, panay ang kuha.

Tuluyan nang nagdilim bago pa man kami makabalik sa hotel. **"Kung kasama natin ang pinsan ko ay paniguradong magpapambuno kayo bago matapos ang araw na 'to,"** ani Kim nang tumakbo kami mula sa sasakyan papasok. Maputik ang daan dahil sa malakas nang ulan.

Tinawanan ko na lang siya at inalalayan papasok. Ngunit sa halip na tumuloy sa 'taas ay hinila ko siya papunta sa bar dahilan para magulat siya.

"Let's chill for a while," sabi ko sabay dulog sa bar island.

"We're wet, baka pagalitan tayo," natatawa siyang nagpatianod sa 'kin.

"I don't care," ngingisi-ngisi kong tugon sabay kaway sa waiter. Um-order ako ng whisky, wine naman ang sa kaniya. Mayamaya pa ay pareho na kaming umiinom.

"Kailan mo planong magtrabaho?" tanong niya habang nilalaro ang wine sa sariling baso.

Nilaro ko rin ang yelo sa aking baso. **"Sa lalong madaling panahon sana."** Ngumiti ako at saka lumaghok. **"Pero sa ngayon ay priority kong libutin ang mga lugar na gusto kong puntahan. Kapag nakontento na 'ko, saka ako magtatrabaho."**

Nanliit ang mga mata matapos uminom saka lumunok. **"Ano-anong lugar naman ang gusto mong puntahan pa? Nabanggit sa 'kin ni Lee na madalas na ang pag-alis mo nitong mga nakaraan, hindi ka pa natatapos gumala?"** natawa siya.

Sandali akong natigilan, napapatitig at pinanood ang pagtawa niyang hindi ko maintindihan ang dahilan. **"What's so funny?"**

"I've heard that you've recently been to Palawan, Batangas, Tagaytay, Laguna," umiling-iling niya. **"I mean, you've already been in those places before, and you keep on going back almost every year.**

Again and again, Deib Lohr. Kahit dito sa Batanes, bumalik ka. Why?" para bang takang-taka talaga siya.

Nagbaba ako ng tingin saka tipid na ngumiti. **"I like these places, that's why. These places stand out in my mind."** Tinungga ko ang baso at inubos ang laman niyon. Saka ako tumingin sa kaniya. **"At babalikan ko ang mga lugar na 'yon hanggang sa masaulo ko ang bawat anggulong nagustuhan ko."**

Nginiwian niya ako, ang mapupungay nang mga mata niya ay nanunudyo. **"You mean babalikan mo pa rin sila?"**

"Oo," tumango ako.

"Bakit hindi ka pumunta sa ibang bansa? Maganda sa Paris, Greece, Maldives, Georgia, Australia, Italy," mukhang iyong mga napuntahan niya na ang binanggit. **"Or kung ayaw mong lumabas ng bansa, pwede ka namang magbakasyon sa Boracay, sa Cebu, sa Baguio, Ilocos, Marinduque, sa Davao, maraming magagandang lugar dito sa Philippines, Deib."**

"I know."

"Bakit nga hindi ka pumunta sa mga lugar na 'yon?"

Dahil wala naman kaming alaala ni Taguro sa mga lugar na 'yon. Hindi ko na isinatinig pa ang laman ng isip ko. Nagsalin ako ng alak sa baso saka muling ininom iyon. **"Ang plano ko ay bumalik sa Tagaytay bago matapos ang buwan."** Nagkibit-balikat ako. Batid kong hindi masyadong akma ang sagot ko sa tanong niya, binale-wala ko na lang.

"Talaga? Pwede akong sumama?"

"Gusto mo?"

Nakangiti siyang tumango. **"Kung gusto mong balikan ulit ang mga lugar na 'yon, sabihan mo 'ko. Sasama ako,"** masaya niyang sabi, lasing na.

"Tch. Paano ang trabaho mo?"

"Mag-aaral na ako."

Nakangisi akong tumitig sa kaniya. Mukhang lasing na siya at hindi alam ang mga sinasabi. **"Ang bilis mo palang magdesisyon, Kimeniah?"**

"Nakapag-isip na kasi ako."

"Kailan?"

"Kanina."

"Tch. Sa ilalim ng tubig?" nakangisi kong tanong.

"Oo," lalamya-lamya siyang tumunghay sa 'kin. **"Dahil sa mga isda."**

"O dahil sa 'kin?"

Ngumuso siya 'tsaka tumitig sa 'kin. **"Gusto kong gawin 'tong mga ginagawa mo kapag nakapagtapos ako. Basta, mag-aaral ako. Wala na akong pakialam sa career ko."**

Napangiti ako. **"Good girl."**

Itanong mo sa akin kung sinong aking mahal? Itanong mo sa akin, sagot ko'y 'di magtatagal. Ikaw lang ang aking mahal. Ang pag-ibig mo'y aking kailangan. Pag-ibig na walang hangganan. Ang aking tunay na nararamdaman. Bigla ay nangibabaw ang ibang bersyon ng kantang iyon, may kabilisan at maugong ang tambol. Reggae version.

Nangunot bigla ang noo ko. Pakiramdam ko ay nananadya ang sandaling iyon. Pero ang lahat ng inis ko ay nawala nang sabayan ni Kimeniah ang kanta, sumasayaw pa. Lasing na talaga.

"*At kahit sa'n pa man, ang aking isisigaw...ikaw ang aking mahal,*" tatawa-tawa siyang kumanta habang nakatingin sa 'kin.

"Tch," inilingan ko lang siya saka ako nagtuloy sa pag-inom.

"Anyway, I have a question," aniya mayamaya, nakataas ang hintuturo, lasing na ngang talaga.

Hindi ko inaasahang kahit may tama na ay makararamdaman pa rin ako ng kaba. **"What is it?"**

Matagal siyang tumitig sa 'kin bago sumagot. **"About your lolo? I mean Chairman Enrile."**

Natigilan ako at nagtiim ang bagang, bagaman hindi iyon ang inaasahan kong tanong. **"Yeah, what about him?"**

"Where is he? It's been a long time, hindi ko na siya nakita pa," nakanguso siya habang nagsasalita, hindi na ma-control ang sarili, parang bata.

"Dati naman siyang nawawala nang matagal," napapabuntong-hininga kong sagot. **"Noon pa man ay sa ibang bansa na siya nag-i-stay. Umuuwi lang siya kapag may kailangang asikasuhin. Noong huli nga lang siya nagtagal dito sa Pilipinas."**

"Nasaan nga siya?"

"I don't know," nagkibit-balikat ako. Hindi ko masabing nagsinungaling ako dahil hindi ko naman talaga sigurado kung nasaan ang Chairman. Pero wala na sa plano kong sabihin na sa North Korea ko siya huling nakita, nakausap at nakasama.

Natitigilan siyang tumitig sa 'kin, tila ba inaalam kung nagsasabi ako nang totoo. Pero nang mag-iwas ako ng tingin ay hindi na siya kumibo pa.

Alam kong iniwan ka lang ng iyong pinakamamahal. Nagwawala ka dahil 'di mo matanggap, wala na siya. Wala na siya. 'Di na sana nangyari ito kung ako ang inibig mo. Hindi ka sana ngayon umiiyak, nagdurusa, nag-iisa. Bigla ay nangibabaw ang mabagal na kanta.

Nilingon ko siya nang maramdaman ko ang titig niya sa 'kin. **"What?"** nakataas ang kilay kong tanong ngunit sa halip na sumagot ay nakangiti siyang tumitig sa 'kin.

Hindi ako katulad niya na sinasaktan ka lang, pinaiiyak ka lang. Pangako ko sa piling ko ay liligaya ka, 'di ka na luluha pa. Patuloy ang pagtugtog niyon at mukhang naaaliw si Kimeniah. ***Sinta...***

Nakangisi siyang nagbaba ng tingin sa mga kamay ko at saka muling tumingin sa mga mata ko. **"Isayaw mo 'ko, Deib,"** nakanguso, parang bata niyang sabi.

"What?" natatawa akong nagtaka.

"Please?"

"Sa ganiyang kanta?" itinuro ko ang kisame.

"Yes, please?"

"Tch." Luminga ako sa paligid, hindi namin solo ang lugar na 'yon. **"No."**

"Please?" pangungulit niya, niyugyog ang braso ako.

"No. You're drunk, Kim."

"Who cares, Deib?" tatawa-tawa siyang luminga. **"Nasa bar tayo, 'no. Walang magtataka kung sasayaw tayong langong-lango."**

"Yeah, right."

"Please? I really miss dancing with you. Just like before, you and me."

Kalimutan mo na siya. Huwag mong ipilit ang sarili mo sa kanya. Manhid ka ba? Ayaw niya sa 'yo. Ako ang nagmamahal sa 'yo. Sana ako na lang ang ibigin mo. Hindi tugma ang kanta at usapan naming dalawa.

Napapabuntong-hininga akong tumitig sa kaniya. **"Ayoko."**

"What? Why!"

"Lasing ka na," ngumisi ako. **"Baka kung ano ang gawin mo."**

Nakamaang siyang namaywang, nagtataray. **"What are you expecting me to do to you, Engineer Enrile?"**

"Hindi ko sinabing sa 'kin," nakangiwi kong tugon saka ko hinila ang kamay niya.

"Yehey!" tili niya saka paikot na lumayo sa 'kin. Hindi ko inaasahang muli niyang iiikot ang sarili papalapit hanggang sa mapayakap sa 'kin. Saka siya kumembot nang kumembot habang nakadikit ang likod ng katawan sa 'kin.

"Tch, Kimeniah?" nananaway kong tawag.

Pero sa halip na umayos ay lalo siyang nagpasaway. Hindi akma ang malanding sayaw niya sa malakas ngunit mabagal na kanta. Lalo niyang idinikit ang sarili sa 'kin, bahagya naman akong lumayo. Pero hindi siya nakontento dahil patalikod niyang inangkla ang parehong braso sa batok ko at kumembot nang kumembot pataas at pababa. Napapabuntong-hininga kong inilalayo ang baywang niya sa katawan ko. Wala siyang pakialam dahil bukod sa lasing na niya ay tila wala ring pakialam sa 'min ang iba ring naroon pa.

Nang hindi makontento ay humarap siya sa 'kin at tumitig nang may mapupungay na mga mata. Hinawakan ko siya sa parehong braso at bahagya pang inilayo. Ngunit mukhang iba ang tama ng wine sa kaniya. Dahil paharap niya nang ginawa ang pagkembot na nakatalikod niyang sinasayaw kanina. Nararamdamdaman ko ang buong harapan niya sa akin.

"Stop it, Kim," asik ko.

"What?" natatawa niyang singhal. **"Engineer, are you still a virgin?"** nang-aasar ang tinig niya.

Napamaang ako, hindi inaasahan ang tanong niya, saka ngingisi-ngising dinilaan ang aking labi. **"So what if I am?"** napabuntong-hininga ako, nahihiya sa hindi maintindihang dahilan.

Tumawa siya nang pagkalakas-lakas. Nangunot ang noo ko. Ngunit nang maramdaman ang nakakalokong titig ko sa kaniya ay unti-unting nawala ang reaksyon niya. **"Why are you looking at me like that?"**

"Are you making fun of me, Kimeniah?"

Kinagat niya ang sariling labi at paikot na lumayo sa 'kin. **"So what if I am?"** nanunukso niyang ginaya ang tono at tanong ko.

Hinila ko siya pabalik sa 'kin, hindi niya inaasahan, lalo na nang hapitin ko ang baywang niya hanggang sa magpantay ang mga tingin namin. Naramdaman ko ang mabilis niyang paghinga. Nalalanghap ko ang magkahalong pabango sa balat niya at alak sa kaniyang hininga.

Tumitig siya sa mga mata ko at unti-unting bumaba ang tingin niya sa labi ko. Napapalunok siyang kumurap-kurap, para bang nag-iisip kung hahalikan ang labi ko o hihintaying ako ang gumawa niyon.

"So what if I'm still a virgin, Kim?" pabulong na tanong ko, dahan-dahang yumuyuko sa kaniya. **"Being a virgin doesn't make me innocent."**

Lalo siyang napapalunok at napapakurap habang lumalapit ang mukha ko sa kaniya. **"I know."**

"I'm still a virgin, are you?" namamaos nang bulong ko, halos magdikit ang ilong namin sa sobrang lapit.

"I lost my sanity and virginity a few years ago," namamaos din niyang bulong. **"Curiosity and feelings took it."**

"Do you regret it?"

"No." Siya naman ang bahagyang lumapit sa 'kin. Halos gahibla na lang ng buhok ang pagitan ng mga labi namin. Isang maling salita ay magdadaop ang mga iyon.

Ngunit bago pa mangyari iyon ay bahagya na akong lumayo sa kaniya. Umayos ako ng tayo at binitiwan ang baywang niya. Napamaang siya at nabigla. Nabasa ko ang mabilis na pagbabago ng emosyon sa kaniyang mukha, mula sa gulat hanggang sa pagkapahiya.

"Ubusin na natin 'yong in-order natin," inalalayan ko siya pabalik sa bar island.

Wala nang nagsalita pa sa 'min matapos ang sandaling iyon. Nang dahil sa kung anong namagitan sa 'min ay tila mas lumakas sa pag-inom si Kim. Sinubukan ko siyang pigilan ngunit dahil yata sa pagkapahiya ay lalo siyang nagpakalango. Kung ano ang tumatakbo sa isip niya ay hindi ko alam. Ang isip ko naman ay hindi nagbabago ang laman.

Bago tuluyang lumalim ang gabi, bago tuluyang mag-blackout si Kimeniah, niyaya ko na siyang umakyat sa kwarto. Tatawa-tawa kong naisip na wala sa plano kong mag-alaga ng lasing. Hindi naman na iyon ang unang beses na nalasing siya. Pero palibhasa'y dadalawa kami, nagpakalulon siya. Mukhang bukod sa pinagdaraanan kasi ay noon lang niya nagawang uminom nang walang pumipigil.

"*Bakit, bakit ka iiyak? At hahayaan bang ang puso mo ay laging kaybigat,*" patuloy ang pagkanta niya habang naglalakad kami papaakyat. **"*Heto...heto naman ako. Hindi nagbabago. Hanggang ngayo'y naghihintay pa rin sa 'yo,*"** tumingala siya sa 'kin habang kinakanta ang

linyang iyon. Malakas ang boses niya, walang pakialam. Kahit panay ang pagsinok sa bawat linya, nagpatuloy pa rin siya.

"Sshh, marami nang tulog," awat ko habang akay-akay siya.

"*Alam mo bang ako'y naghihintay pa rin sa 'yo? Baliw pa rin, ang hanap ay pag ibig-mo,*" patuloy niya. Sa halip na pansinin ay binuhat ko siya at kinarga papasok sa kwarto. **"I can't believe you're doing this to me..."** Hinaplos niya ng hintuturo ang pisngi ko saka ibinalik ang kamay sa batok ko. Dahilan para hindi niya magawang humiwalay sa 'kin nang ilapag ko siya sa kama.

"Magpahinga ka na," sabi ko habang magkalapit ang mukha naming dalawa.

Sinubukan kong alisin ang mga kamay niya sa batok ko, nagmatigas siya. Ngingisi-ngisi siyang tumitig sa mga labi ko habang kagat-kagat ang pang-ibaba niyang labi. Ilang saglit pa ay naramdaman ko nang lumuwag ang pagkakakrus ng mga kamay niya sa 'kin. Ngunit noo'y humaplos ang mga iyon sa leeg ko, pababa sa dibdib ko. Kagat ang labi, napapapikit niyang ginawa iyon nang paulit-ulit. At bago ko pa siya mapigilan ay bahagya niya na akong nahila papalapit sa kaniya.

Napapikit ako nang maramdaman ang hininga niya sa aking tainga. **"Kim,"** hinawakan ko ang kamay niya, pinipigilan siya sa kung anumang plano niya.

"Your smell is a hell of a turn on, Deib," napapalunok niyang bulong. **"I want to kiss you."**

Bahagya akong lumayo at kunot-noong tumingin sa mga mata niya. Binigyan ko siya ng nagtatanong na tingin ngunit masiyado siyang mapagparaya para sagutin pa iyon. Napasinghap ako nang maramdaman ko ang kamay niyang bumababa muli sa dibdib ko, papunta sa tiyan ko. Marahan niyang itinaas ang polo ko. Lahat iyon ay ginawa niya nang hindi inaalis ang tingin sa akin, hindi matanggal ang kagat sa labi.

"I can't wait to kiss you." Matapos sabihin iyon ay itinulak niya ako dahilan para mapahiga ako na animong hinang-hina. Pumaibabaw siya sa akin at mabilis na hinubad ang pang-itaas niyang damit.

"You don't have to do this, Kim." Bagaman ganoon ang sinabi ko ay wala akong ginagawa para tumigil siya. Sa halip nga ay hinawakan ko pa siya sa baywang at pinagmasdan kung gaano kaganda ang katawan niya.

"Yes, touch me," aniya na kinuha ang kamay ko at pinaglakbay iyon sa tiyan niya paakyat sa dibdib niya. Napabuntong-hininga ako. **"Touch me,**

Deib. I want you to touch me."

Napapalunok akong tumitig sa kaniya, hindi maigalaw ang kamay ko. **"Kim..."**

"Please..." Dahan-dahan siyang bumaba papalapit sa 'kin. **"I can feel you already,"** namamaos na bulong niya habang gumigiling sa ibabaw ko.

Napapikit ako kasabay nang pangungunot ng noo. **"Kim?"** naging matunog ang paghinga ko, nag-iinit ang katawan ko kahit ayaw ko. *Shit!*

"I want to feel you inside me, moving, pushing...please enter me, Engineer..." Her husky voice is as sexy as fuck, taking away my sanity. **"Please, Deib..."**

Hindi ko na siya hinayaang magsalita pa, sinunggaban ko na ang labi niya at mabalis siyang nabaliw sa mga halik ko.

Ang huling babaeng nahalikan ko sa labi ay si Taguro, ang iba ay puro na sa pisngi at kaswal lang ang mga iyon. Hindi ko na matandaan ang pakiramdam niyon. At ngayong may hinahalikan na ako ay hindi ko inaasahang wala pa rin akong matatandaan. Nararamdaman kong hindi na iyon bago, pero batid kong naghahanap ako, may hinahanap ako. Marahil ay dahil hindi si Taguro ang aking kahalikan.

Gumalaw siya nang gumalaw sa ibabaw ko, lalong inaalis ang katinuan ko. Kahit anong kapit ko sa baywang niya ay pilit niyang dinadala ang mga kamay ko sa iba't ibang parte ng katawan niya. Nagpagulong-gulong kami sa malaki at malambot na kama, nagpapalitan ng halik at nagliligkisan.

Hindi ko namalayan nang isa-isa hanggang sa tuluyan niyang mahubad ang lahat ng suot. Naramdaman ko lang siyang kumilos nang ako na ang hinuhubaran niya. Panay ang paggalaw niya sa ibabaw ko habang ginagawa ang mga iyon. Pinanood ko siyang mabaliw sa gano'n pa lang na sitwasyon.

Alam kong mayroong parte sa akin na kayang tanggapin ang lantaran nang ibinibigay ni Kim. Nararamdaman ko na ang kahubdan niya pero ang hawakan siya sa maseselang parte ng katawan ay hindi ko magawa nang kusa. Hindi sa nakokonsensya ako, talagang hindi ko lang maramdaman sa sarili kong gusto kong gawin iyon kasama ang babaeng ito. Dahil may kung anong tatak sa pinakamalalim na parte ng puso't isip ko na nagpapabalik sa katinuan ko.

Mariin akong napapikit, hinawakan ko si Kimeniah sa magkabilang balikat at saka ko binawi ang sarili kong labi.

"Deib..." natutuliro siyang tumingin sa mga mata ko. **"What's the matter?"**

Bumuga ako nang malalim na hininga saka umiling-iling. **"I can't do this to you."** *I can't do it with you...not with you. Not with anyone but Taguro.* Naisubsob ko ang mukha ko sa palad.

"What?" naguguluhan niyang bulong. **"But...w-why?"**

Kunot-noo akong napamaang sa kaniya. *Anong why? Tch.* Napailing na lang ako. **"I just can't,"** hindi ko magawang tingnan siya sa mga mata.

Matagal siyang nanahimik. Kinuha ko ang pagkakataon na 'yon upang umalis sa ibabaw niya. Pinulot ko ang damit niya 'tsaka siya marahang itinayo. Tiningnan ko siya sa mga mata habang isinusuot ang pang-itaas na hinubad niya. Sapat na iyon para matakpan siya hanggang hita.

Iiling-iling siyang humalakhak saka naiinsultong tumingin sa 'kin. **"Aren't you tempted?"**

Napapabuntong-hininga akong tumitig sa kaniya. **"I am."** Pinasadahan ko ng tingin ang maganda niyang katawan. **"You're beautiful, sexy—you smell good, Kimeniah."**

"Then, why? What's wrong?" pinangingiliran ng luhang angil niya. **"Are you afraid of temptation?"**

"No. In fact, I can do a lot of things you will never forget." Nginisihan ko siya.

"Then, what's stopping you from doing it?" nandoon ang iritasyon sa tinig at inis sa mukha niya.

"You've got what it takes. But I don't want to take everything you've got, Kimeniah," sinsero kong sinabi, pilit na gumagawa ng paraan para hindi siya lalo mapahiya. **"I'm reserved. And I'm proud to be a virgin man,"** sinabi ko iyon nang hindi ipinapakita ang sarili kong hiya. **"I've remained a virgin for someone so fucking special."** Wala sa sarili akong humalakhak sa huli. Saka ako sumeryoso at bumuntong-hininga. **"Your naked body belongs to the one who's madly in love with you. I don't deserve it."**

Natulala siya sa akin at hindi nakapagsalita. Ni hindi siya nakakilos nang yumuko ako upang halikan siya sa noo. Inayos ko ang ilang hibla ng buhok sa likod ng kaniyang tainga. 'Tsaka ko hinaplos ang makinis niyang mukha.

Mapait akong ngumiti sa kaniya. **"I'm sorry."** Nagbaba ako ng tingin saka siya tuluyang tinalikuran.

Dumeretso ako sa banyo at doon ibinabad sa mainit na shower ang sarili ko.

Hindi ko akalaing may mamagitang ganito sa amin ni Kim. Hindi magiging mahirap para sa 'kin na sunggaban siya, napakadali niyon lalo na at siya na mismo ang naglalapit sa sarili niya. Ang hindi ko maintindihan ay kung ano iyong pumipigil sa akin. Wala na si Taguro. Hindi ko maintindihan kung paano niya pa ring nagagawa sa akin 'to.

Napakaimposible mo, Taguro.

Nanatili pa kami ng dalawang araw ro'n ni Kimeniah. Pero hindi na iyon kasing saya tulad noong una. Hindi niya na naalis ang ilang at hiya sa akin dahil sa namagitan sa 'ming dalawa. Sinikap ko siyang kausapin, maibalik lang ang kaswal naming samahan, pero naging mahirap iyon. Umiiwas siya.

"THANK YOU," nakangiting ani Kimeniah nang ihatid ko siya sa bahay. **"Nag-enjoy ako, sobra."**

"Sana hindi ito ang huli, Kim," sinsero kong tugon. Lumapit ako at hinalikan siya sa pisngi. **"Nag-enjoy rin ako. Sana hindi magbago ang desisyon mong mag-aral ulit."**

Matamis siyang ngumiti. **"Of course, Engineer Enrile,"** sarkastika niyang tugon. **"Mataas ang pangarap ko."**

"Na alam kong matutupad mo," tuloy ko sa linya niya.

"Ikaw ba naman ang inspirasyon." Lumabi siya.

Ginulo ko ang buhok niya. **"Good girl."**

"Sige na, sige na!" mataray niyang sabi saka kinuha sa likod ang ilang gamit niya. **"Umuwi ka na, at baka hindi ko na naman makalimutang may kasalanan ka."**

Nakangisi akong napamaang sa kaniya. **"Kasalanan?"**

"Oh, bakit, wala ba?" naghahamong tanong niya.

Napahalakhak ako. **"Okay."** Wala na akong planong patulan siya.

"Kalilimutan ko na lang na tinanggihan ako ng isang Deib Lohr Enrile. Para hindi naman masakit sa parte ko, iisipin ko na lang na ang respeto mo ay kabaliktaran sa totoong nangyari. Iisipin ko na lang na ako ang tumanggi sa 'yo," napapahiya ngunit mataray niyang sabi.

Muli akong natawa. **"Gano'n na lang din ang iisipin ko."** Inalalayan ko siya pababa at itinabi sa kaniya ang maleta.

"I love you, Deib," masaya niyang sinabi. **"Drive safely!"** Lumapit siya at hinalikan ako sa pisngi.

"Thank you. Bye." Tinapik ko siya sa balikat saka siya tinalikuran. Nakangiti akong nagmaneho papauwi.

Akala ko ay hindi na kami babalik sa dati. Akala ko ay magagalit na si Kim sa akin. Muntik ko nang pagsisihang isinama ko pa siya. Pinagsisihan ko rin na pinatulan ko pa siya kahit kayang-kaya ko naman siyang tanggihan simula pa sa una. Pinagsisisihan kong uminom pa kami.

Tch.

Dere-deretso akong pumasok sa bahay matapos igarahe ang sasakyan ko.

"Tito Deib!" nangibabaw bigla ang tinig ni RD na siyang ikinagulat ko. **"Tito! Tito! Tito!"**

Natatawa akong naupo para magpantay kaming dalawa. **"Oh, bumisita ka pala kina lolo't lola?"** ginulo ko ang buhok niya.

"Where have you been? I was looking for you. I want to play basketball."

"Nagbakasyon ako." Kinuha ko ang bag ko at inilabas do'n ang ilang bagay.

"Again?" nakasimangot niyang tugon.

Natawa ako. **"Yes, again. Oh, pasalubong ko."**

"What's this, tito?" sinipat niya ang paperbag.

"Camote cookies at bukayo. 'Yong shirts ay ibibigay ko na lang sa mommy mo. Where are they?"

"Nasa dining, eating lunch."

"Kumain ka na?"

"Yeah." Hindi siya magkandaugaga sa katitingin sa paperbag na pare-pareho lang naman ang laman.

Iniwan ko sa sala si RD upang dumeretso sa kusina. **"Everyone, I'm home,"** anunsyo ko. Nakangiti kong natanawan si daddy at kinawayan. Ngunit agad akong natigilan nang makitang mayroon pala silang bisita.

"Deib Lohr..." Tumayo si Chairman Enrile at nagugulat na tumitig sa akin. Narinig naman niya na ang boses ko pero parang hindi niya pa rin inaasahang makikita ako. **"Apo..."**

Matagal akong tumitig sa kaniya habang nakatiim ang mga bagang ko. Maging ang pagkakakuyom ng mga kamay ko ay hindi ko na nagawang itago. Pinagmasdan ko ang kabuuan niya. Napakalaki ng ipinagbago niya. Malayong-malayo sa natatandaan kong hitsura niya nang magkita kami sa Korea.

Pormal pa rin ang suot ng Chairman, hindi ko makakalimutang hindi siya nagsusuot basta-basta ng suit kung hindi kilalang tao ang tumahi. Walang problema sa kung anumang nakasuot sa katawan niya. Iyong mukha at

katawan niya ang nagbago. Lalo siyang tumanda, humapis ang mukha. Malaki ang nawala sa timbang niya, bahagya pang kumuba.

Sa tagal naming hindi pagkikita, hindi naman ako umasang magmumukha siya lalong bata. Hindi ko lang talaga inaasahang posible ko siyang makita nang ganito katanda. Ang akala ko ay habambuhay ko na siyang hindi makikita.

Nang makabawi ay pilit akong ngumisi at naglakad papalapit sa mesa. Dumeretso ako kay mommy upang humalik sa noo niya, gano'n na rin kay *Noona*.

Matapos kong tumango kay Dean Enrile ay saka ko muling ibinaling ang paningin ko kay Chairman. Tinapik ko si daddy sa balikat. **"Meron pala kayong bisita?"** nakakaloko ang ngiting tanong ko.

Narinig ko ang halos magkakasabay na pagbubuntong-hingahan ng lahat. Pero ni isa sa mga naroon ay hindi pinigilan ang hindi magandang asta ko. Hindi gaya ng dati, wala ni isa sa pamilya ko ang mabilis na pumigil sa nagbabadyang pagsagot ko nang bastos.

"Deib Lohr," muling pagtawag ni Chairman. **"Kumusta, apo?"**

Umangat ang gilid ng labi ko. *Kumusta?* Hindi ko maintindihan kung bakit mas naiinsulto ako sa pangungumusta niya kaysa pagtawag sa 'kin ng apo. *Kung magtanong ka ay para lang tayong tropa na matagal hindi nagkita. Tch.*

"What are you doing here?" tanong ko, pilit na itinatago ang galit pero nabigo ako. **"Ang tagal niyong nawala, bakit bumalik kayo pa?"**

Ngumiti si Chairman at akmang lalapit sa 'kin pero sinamaan ko siya ng tingin. Natigilan siya at natutulirong nag-ayos ng buhok. **"Sumadya ako para ibigay sa iyo ito."** Nag-abot siya ng malaking sobre.

Tinanggap ko iyon nang hindi inaalis ang tingin sa kaniya. **"Anong suhol 'to, Chairman?"**

"H-Hindi iyan suhol, apo," napapahiya siyang ngumiti. **"Isa iyan sa mga ari-arian natin, ipinamamana ko sa iyo bilang regalo sa pagtatapos mo sa kolehiyo."** Sinabi niya iyon na para bang napakaswerte kong makatanggap nang ganoong regalo. Na para bang ang lahat ng nagtatapos sa buong mundo ay hinihiling makatanggap niyon.

Nakangiwi akong tumango. Ni hindi ko pinagkaabalahang tingnan ang laman ng sobre. Tutal nasabi niya na rin naman kung ano iyon, isinilid kong muli ang papel at basta na lang iniitsa ang sobre sa mesa. Napapabuntong-hininga niyang nasundan ng tingin ang ginawa ko saka muling tumingin sa

'kin. Mukhang umasa siya masiyado na maganda ang magiging reaksyon ko, kaya ganito na lang ngayon ang lungkot niya sa ginawa ko.

Pinagkrus ko ang mga braso ko at nakakalokong tumingin sa kaniya. **"Anong gagawin ko diyan?"** tinapunan ko ng tingin ang sobre saka muling tumingin sa kaniya.

"Nagpatayo na ako ng sarili mong kompanya sa titulo na iyan, apo," masayang balita ni Chairman Enrile, hindi ako nagpakita ng interes. **"May sarili ka nang contracting company, the EDLE Holdings, Incorporated. Makakapagsimula ka na para sa kinabukasan mo."**

Kinuha mo na ang kinabukasan ko, ano pa ang sisimulan ko? Nakakaloko. Tch.

Sa kabila ng galit ay hindi ko maitatangging may kung anong sumibol bigla sa dibdib ko. Totoong isa iyon sa mga pangarap ko, nang kahit na sinong nagtapos bilang inhenyero. At ibinibigay ngayon sa akin iyon bilang regalo. Pero ang alinlangan ay nangingibabaw sa puso at isip ko. Kung tatanggapin ko iyon ay paniguradong magkakaroon na naman ako ng ugnayan sa Chairman.

"Nang malaman ng ilang kakilala ko ang tungkol dito ay nagpakita agad sila ng interes, apo," dagdag ng Chairman. **"Marami nang interesadong magtiwala sa kompanyang sisimulan mo."**

"Sa tingin ninyo ay tatanggap ako ng kompanyang mula sa inyo? Tingin ninyo ay tatanggap ako ng kompanyang hindi ko naman pinaghirapan?" nakangisi kong tanong.

"Deib?" pabulong na tawag ni *Noona*. **"Don't talk to him like that."**

Ni hindi ko siya tinapunan ng tingin, hindi naalis sa Chairman ang aking paningin. **"Sinabi mo na ba sa kanila ang lahat? Lahat nang sinabi mo noong nasa Korea tayo, nabanggit mo?"**

"Deib, please?" pakiusap ni *Noona*. **"Bumisita lang si Chairman dito, 'wag ka namang ganiyan, oh?"**

"Bakit nga bumisita pa siya dito? Para ibigay sa 'kin ang kompanyang 'to?" naiinis kong tanong saka muling nilingon ang Chairman. **"Ano ako, baldado? Sa tingin mo ay hindi ko kayang magtayo ng kompanyang pinaghirapan ko mismo?"**

"Hindi ko naman ibinibigay sa iyo ito para insultuhin ka, apo."

"Ano ang malay ko? Napakarami mong itinago sa 'min, ano pa ang paniniwalaan ko sa 'yo? Nasanay na kaming wala kayo, sana hindi na lang kayo bumalik!"

"Deib Lohr!" singhal ni Dean Enrile pero hindi ako nagpatinag sa kaniya. **"Nasaan na ang respeto mo sa Chairman?"**

"Paano kong irerespeto ang taong itinuturing kong salarin kung bakit namatay ang girlfriend ko?" mariin, tiim-bagang kong sabi. Sinamaan ko pang muli ng tingin si Chairman bago ko sila tuluyang tinalikuran.

"Are you okay, Tito Deib?" hindi ko inaasahang makakasalubong ko si RD pagbalik sa sala.

Kukurap-kurap akong napatitig sa inosente niyang mukha saka ako napilitang ngumiti. **"Yeah, I'm okay. I'm just tired. Magpapahinga na muna si tito, ah? Sa susunod na lang tayo maglaro ng basketball. Isasama natin sina Tito Lee at Tito Tob."**

"Sige, Tito Deib," aniya habang hawak ang sariling bola.

Ginulo kong muli ang buhok niya saka ako tuluyang umakyat sa kwarto. Sinikap kong kalmahin ang sarili habang nakaupo sa kama. Sa nagdaang panahon, umaasa akong may magbabago sa nararamdaman ko. Na mapipigilan ko nang magwala sa t'wing magagalit ako. Gano'n ako sa t'wing maaalala ko ang sinapit ni Taguro dahil sa sarili kong lolo.

Kuyom na kuyom ang mga palad ko nang yumuko ako sa mga tuhod ko. Pinigilan ko ang nagbabadyang mga luha. Dahil hindi na ako pwedeng umiyak. Ayoko nang umiyak. Iyon na lang ang tanging magagawa ko para sa sarili ko.

"Deib Lohr," kasunod ng pagtawag ay ang magkakasunod na pagkatok ni Chairman Enrile.

Napukol ang masamang tingin ko sa pinto. *Get lost!* Iyon ang laman ng isip ko. Pero ang kakarampot na respeto ko sa kaniya ay pinipigilan akong isigaw iyon. At sa halip na tumayo upang i-lock ang pinto ay pinanood ko siyang tuluyang pumasok. Tuloy ay naipukol ko sa kaniya ang masama kong tingin, bagay na ikinagulat at ikinabahala niya. Pero sa sandaling iyon wala na akong maramdaman pa ni katiting na takot sa kaniya.

"What are you doing here?" asik ko.

"Mag-usap tayo, apo," nakikiusap ang tinig niya.

Kunot-noo akong umiling, hindi umaalis sa pagkakaupo. **"Hindi niyo na mabibilog ang ulo ko."**

"Deib Lohr, paano ko bang makukuha ang kapatawaran mo?"

"Posible ba 'yon sa kasalanang ginawa ninyo?" angil ko. **"Hindi lang ako ang niloko ninyo, Chairman, ang buong pamilyang 'to!"**

"Paghingi na lang ng tawad ang magagawa ko, apo," gumagaralgal ang tinig niya. Hindi malaman kung paanong magpapaliwanag nang nasisigurong makikinig ako. **"Hindi ko na maibabalik pa ang mga panahong nakalipas na. Patawarin mo ako, nakikiusap ako."**

Sarkastiko akong ngumisi habang tatango-tango. Gusto kong tumawa pero masiyado akong naaasar sa hitsura at sinasabi niya.

Tumayo ako at marahang humakbang papalapit sa kaniya. **"Iyon na nga ang masakit, eh. Niloko ninyo kami. Kami na pamilya ninyo mismo,"** mariin kong sabi. **"At ang panloloko ninyong 'yon ang naging daan para humantong sa gano'n ang buhay ng girlfriend ko."**

Masama man ang tingin ko ay hindi no'n napigilan ang pangingilid ng luha ko. Sa kabila ng galit ko ay hindi ko rin napigilan ang pagkibot ng mga labi ko. Nanggigigil ako pero nangingibabaw ang emosyon ko.

Nabuo ang mga luha sa magkabilang gilid ng mga mata ko. **"'Yon ang pinakamahirap na pinagdaanan ko, Chairman,"** mariing sabi ko. **"It's been a long time; still I'm caught up in the same process of healing. I still can't accept the past."**

Lumuluha siyang tumitig sa 'kin. Na para bang nararamdaman at naiintindihan niya ang pinagdaanan ko. Pakiramdam ko ay noon ko lang siya nakitang ganoon.

"She's alive," pabulong niyang sinabi, na sa sobrang hina ay hindi ko halos narinig.

Natigilan ako. Nakakabilib na bilang huminto ang pagpatak ng luha ko. Kunot-noo akong napatitig sa mga mata niya at napailing. Hinintay ko siyang ulitin ang sinabi.

"Maxpein," namamaos niyang patuloy. **"She's alive."**

Dumagundong ang kaba sa dibdib ko, bumilis maging ang aking paghinga. 'Ayun na naman ang pamumuo ng mga luha pero ang matinding pagkakakunot ng noo ko ay hindi mawala. Para bang nawala ang anumang maliliit na ingay sa pandinig ko, ang tanging natira ay ang matunog kong paghinga.

"That's not true," umiling ako nang umiling, masama pa rin ang tingin. **"Masiyado kang sinungaling para magsabi ng totoo, Chairman."**

Bahagyang nanlaki ang mga mata niya, nasaktan sa sinabi ko. **"Kahit ngayon lang ay paniwalaan mong muli ako, apo. Buhay ang girlfriend mo."**

Lalong dumagundong ang kaba sa dibdib ko. Hindi ko malaman kung ano ang sasabihin ko. Kakaiba ang pakiramdam. 'Ayun na naman iyong halo-halong pakiramdam! Ilang taong kong inisip na wala na siya. Dinamdam ko nang matindi ang mga huling sinabi niya. At halos mabaliw ako sa katotohanang wala akong nagawa para maisalba siya. Nakamamatay ang mabuhay sa lungkot at sakit.

Pero ang lahat nang iyon ay babawiin gamit lamang ang dalawang salita. Bigla ay parang gusto kong panghinayangan ang matinding emosyon at paghihirap na pinagdaanan ko.

"At kailangan mong maghanda," patuloy niya. Hindi ko mapangalanan ang kakaibang lungkot at ngiti na naghahalo sa buo niyang mukha. **"Dahil paparating na si Maxpein at kaniyang pamilya. Paparating na ang mga Moon."**

Sunod-sunod na nagtindigan ang mga balahibo ko sa hindi maipaliwanag na dahilan. Kinilabutan ako na para bang isa iyong nakakikilabot na balita. Ngunit totoong nakakikilabot nga iyon. Hindi ko na malaman kung anong mararamdaman ko.

Hindi ko nagawang sumagot, ni ibuka ang bibig ko ay hindi ko kinaya. Nanghihina akong napaupo sa kama, ang tingin ay hindi maalis sa kaniya.

MAX'S POV

A FEW MONTHS LATER...

"It's nice to be back," ani Maxwell nang makatungtong kami sa mansyon ng mga Moon. Nakangiti siyang nagbaba ng tingin sa 'kin. At hindi ko inaasahan nang hapitin niya ako sa balikat at halikan sa sentido.

"Tss, what the hell?" angil ko sabay tulak papalayo sa kaniya.

Humalakhak siya. **"Fussy,"** bulong niya saka nilibot ang paningin sa kabuuan ng mansyon. **"Mainit."**

"Tss." Napabuntong-hininga ako. **"Aalis na muna ako."**

"Where are you going?"

"Pupuntahan ko si Heurt."

Tumango siya. **"Be back before dinner."**

Sa halip na sagutin ay patalikod ko siyang kinawayan. Nagpaalam ako sa pamilya ko na noon ay kabababa lang matapos gumarahe. Ako naman ay dumeretso kay Rabbit. Emosyonal kong pinagmasdan ang kabuuan ng motor ko matapos tanggalin ang cover niyon.

Mukha pa ring bago. Tss.

Pinunasan ko ang mga namuong alikabok saka ko iyon marahang iginalaw. Napangiti agad ako nang bumuhay ang ilaw niyon matapos kong isalpak ang susi. Ilang saglit pa ay pinag-init ko na ang makina.

Wala kang ipinagbago.

Hindi ko naiwasang mapangiti habang pinakikinggan ang napakagandang pagbuga ng usok ng tambutso nito. Iyon ang madalas na dahilan kung bakit nililingon ako ng bawat madaraanan.

"Where are you going, *Noona*?" nangibabaw ang tinig ni Maxrill nang makasakay ako sa motor.

Kunot-noo ko siyang nilingon. Lalo pang nangunot ang noo ko nang makitang magkakrus ang kaniyang mga braso at salubong ang kilay na tinitingnan ako. Simula nang mag-aral sa States ang isang 'to ay akala mo na kung sino. Nagsisimula nang umusbong ang natural na yabang sa katawan.

"Somewhere, you wanna come?" nakangisi kong tanong.

Umiling siya at itinaas ang kamay. **"Don't forget to bring something to eat. I'm kinda hungry."**

"Kinda, huh?" mariing tugon ko.

"Go," masungit niyang sabi.

"Itulog mo na lang 'yang init ng ulo mo." Bitin ang tulog niya kaya ganoon siyang kasungit, nasa dugo na yata namin 'yong magkakapatid.

"How can I sleep when my tummy is yelling at me?"

"Duh? Your parents are inside?" sarkastiko kong itinuro ang bahay. **"Tell them to cook for you."**

Ngumuso siya saka bumuntong-hininga. **"For sure mom will cook gulay, I remember her craving for some,"** nandidiri niyang sabi. **"Tsk. Should I ask *Hyung*?"** aniya na nakapatong ang hintuturo sa nguso. **"Yes, I think I should ask *Hyung*. We'll eat outside,"** kausap niya ang sarili. **"And you're not coming with us."** Tinalikuran niya ako. **"Because you're going somewhere, yeah?"** nakangisi niya akong sinulyapan.

"Baliw," bulong ko saka muling itinutok ang paningin kay Rabbit. **"Handa ka na ba?"** mayabang kong tanong sabay suot ng helmet.

Kagat-labi kong pinaharurot ang motor at ngingisi-ngisi kong ninamnam ang malamig na hangin ng gabi.

Kakaiba ang pakiramdam. Hindi ko halos malaman kung sino ang una kong pupuntahan. Pero dahil sa ugali ko, syempre, ihuhuli ko iyong pinakaimportanteng tao.

Anak ng...

Hindi pa man ako nakalalayo sa village namin ay umubo nang umubo ang tambutso ko. Bago pa man ako nakapreno ay biglang huminto ang makina nito. Napakamot ako sa ulo nang makitang wala na iyong gas. Napapapikit akong bumaba at walang nagawa kundi ang magtulak hanggang sa pinakamalapit na gasolinahan.

Bagaman nabawasan niyon ang angas ko, muli ko naman iyong nabawi hanggang sa tuluyan kong marating ang bahay ni Heurt. Sa labas pa lang ay hindi ko na maipaliwanag ang pakiramdam. Naiisip ko pa lang ang mararamdaman nila kapag nakita ako ay tumataba na ang puso ko.

Napakalawak ng bahay niya. Ang bawat puno sa bakuran ay may nakasabit na palamuti at maliliit na bumbilya. Napakalinis at maaliwalas sa paningin.

Nang araw na ibaba ng ikaapat na hukom ang hatol sa 'kin ay siya ring huling araw na nakausap ko si Heurt. Wala na siyang narinig mula sa akin, maging sa mga Moon mula noon. Dahil ipinagbawal sa amin 'yon sa nakaraang ilang taon.

"Sino iyan?" nangibabaw agad ang tinig ni Heurt matapos kong mag-doorbell.

Sa halip na sumagot ay muli ko iyong pinindot saka ako lumigid papunta sa bukas na bintana. At nang maramdaman kong buksan niya ang pinto ay saka ako tahimik na pumasok. Gumulong ako sa carpet dahilan para hindi ako makagawa ng ingay. Mula sa likuran ay nakangisi ko siyang pinanood na lumabas ng pinto at igala ang paningin sa patio.

Gusto kong matawa. Hindi ako makapaniwalang pumalya siyang maramdaman ang aking presensya. Lalo na nang inosente niyang isara ang pinto at halos mapasigaw sa gulat matapos akong harapin.

"M-Maxpein..."

Namulsa ako saka nakangiting tumango sa kaniya. **"Ako nga."**

Mabilis siyang pinangiliran ng luha habang pinanlalakihan ng mga mata. Tiningnan niya ako mula sa buhok paibaba sa talampakan. Hindi siya makapaniwalang naroon ako sa kaniyang harapan.

Ilang saglit pa ay iiling-iling niya na akong tinitigan sa mga mata. **"P-Paanong...?"** Hindi niya nagawang lumapit agad. Maging ang paghakbang kasi ay hindi naging madali para sa kaniya. Nag-alinlangan pa siya bago tuluyang naglakad papalapit sa 'kin. **"Buhay ka?"** nagugulat, nagtataka, nagtatanong na aniya.

Tumango ako. **"Pasensya na kung hindi ako nakapagpaliwanag."**

Hindi ko na naituloy ang susunod ko pa sanang sasabihin nang halos talunin niya ako upang mayakap. Nagugulat akong natigilan. Hindi agad nagawang kumilos.

"Hindi ako makapaniwala," umiiyak na bulong niya. **"Hindi ako makapaniwala."**

Matagal bago ko nagawang suklian ang yakap niya. **"Ako rin,"** pabulong ko ring sagot. **"Hanggang ngayon ay hindi ako makapaniwalang nagbago ang hatol. Sa 'kin lang nangyari 'yon."**

Binitiwan niya ako at hinarap matapos ang sinabi ko. Nagugulat siyang tumitig sa 'kin, hindi pa rin makapaniwala. **"Salamat sa Dios! Pero paano iyong nangyari?"**

Napabuntong-hininga ako. **"Mahabang kwento."**

"Makikinig ako."

Napangiti ako. **"Nasa'n ang pamilya mo?"** iginala ko ang paningin ko, tahimik masiyado. **"Nasa trabaho ang asawa ko, nasa eskwela pa ang mga bata."**

"Nagluto ka ba?" tanong ko habang hinihimas ang sariling tiyan.

"Gutom ka ba?" aniya na bigla akong hinila.

"Hindi. Na-miss ko lang yata ang luto mo," iginala ko ang paningin sa malinis nilang kusina.

"Nagluto ako ng bilo-bilo, ito na lang muna at ipagluluto kita ng hapunan."

Naalala ko ang sinabi ni Maxwell pero tinanguan ko si Heurt. **"Sige, dito ako magdi-dinner."**

"Kwentuhan mo ako," seryosong aniya. **"Gusto kong marinig ang lahat ng nangyari."**

Napangiti ako sa kaniya ngunit sa loob-loob ko ay ang hindi ko malilimutang lungkot at saka sa nakaraan ko.

FLASHBACK

*"**Laieema,**" pagtawag ko. Bago ko pa man mapigilan ang sarili ko ay nayakap ko na siya. "**Salamat sa 'yo.**"*

*Narinig ko siyang natawa habang tinatapik ang balikat ko. "**Hindi dapat ako ang pinasasalamatan mo kundi ang Natjae, Maxpein. Sa simula pa lang ay hindi na siya sang-ayon sa magiging hatol sa iyo. Sinabi niyang hindi niya tatanggapin ang kamatayang ipaparusa sa iyo. At sinabi niyang gagawa siya ng paraan para ibaba ang hatol.**"*

Napahiwalay ako sa kaniya at naguguluhang tumitig sa kaniyang mga mata. Hindi ako nakapagsalita sa gulat. Natitigilan akong lumingon sa gawi ng mga hukom.

"Alam niya ring mahihirpan ang Emperyo kapag nawala ka. Iyon nga lang naroon ka sa ibang bansa ay pare-pareho na kaming nangangamba," *dagdag pa ni Laieema gamit ang aming salita.* ***"Bukod doon ay pasalamatan mo ang mga tao ng Emperyo. Lahat sila ay nagalit matapos malaman ang hatol mo. At kapag napasalamatan mo na ang lahat ay saka ka lumapit sa 'kin."***

Matagal bago ko nagawang ngumiti. ***"Para magpasalamat?"***

Mayabang siyang umiling. ***"Kailangan mo akong iensayo, ako ang papalit sa iyo."*** *Si Laieema ang ikalawang pinakamataas na rango.*

Natatawa akong tumango. ***"Sa kapatid ko nga lang ay hirap na hirap na ako."*** *Si Maxrill ang tinutukoy ko.*

"Hilingin mong magkaroon agad ng negosasyon sa Dynastiya ang kapatid mong iyon. Kung hindi ay kailangan niyang mapabilang sa mga lalaking rango."

"Gano'n na nga."

Sa sandaling iyon ay naalala ko si Sensui, at naiintindihan ko na kung bakit siya nawiwirduhan sa amin. Dahil sa ganitong mga sitwasyon, nagagawa pa rin naming pag-usapan ang mga gano'ng bagay. Kagaya ko, kanina lang ay nakatakdang mamatay ako. Ngayong nabago iyon ay inuna ko pang makipagkwentuhan kay Laieema tungkol sa pagiging rango at kay Maxrill.

Kaya naman bago pa humaba ang usapan namin ay nagpaalam na ako sa kaniya. At bago dumilim ay humingi ako ng pahintulot sa lahat ng hukom na makaharap sila.

"Netjae," *usal ko saka tumango nang pumasok ang ikaapat na hukom upang harapin ako.*

Agad na sinalubong ng tatlong hukom ang ikaapat nang magkaharap-harap kami kasama ang aking pamilya. Iyon ang tawag sa ikaapat na hukom, Netjae. Ang ikauna ay Cheotjae kung tawagin; ang ikalawa ay Duljae; at ang ikatlo ay Setjae.

"How are you?" *hindi ako makapaniwalang tatanongin ako nang ganoon ng ikaapat na hukom.*

Napatitig ako sa kaniya at mabilis na pinangiliran ng luha. Hindi ko malaman kung paano iyong sasagutin, masakit pa rin kahit nagbago na ang

desisyon. Hindi ko nagawang magsalita. Yumuko lang ako at hinayaang pumatak ang aking mga luha.

*"**Maxpein...**" Tinawag niya ako sa pangalan na para bang mahalagang salita iyon, kailangang ingatan. Lalo akong naging emosyonal. "**You are the bravest rank I have ever known. I have seen it in my own eyes. Nakita ko kung paano kang lumaban nang sandaling iyon. At saksi ako sa matinding pagpipigil mong makagawa ng hindi tama.**"*

Dahan-dahan akong nag-angat ng tingin sa kaniya. Hindi ko inaasahan ang sinabi niya. Ngunit alam kong ang huling paghaharap namin ng mga Rewis ang tinutukoy niya.

*"**Nandoon kami,**" dagdag niya saka muling tumango. "**Ang lahat nakita namin.**"*

Hindi talaga ako makapaniwala. Natitigilan kong nilingon ang lahat ng hukom na naroon. Lahat sila ay mga walang emosyong nakatingin sa akin. At ang pinakakinabibiliban ko ay wala akong maramdaman ni isa sa mga kaharap ko na hindi sila masaya sa kinahinatnan ng hatol at desisyon.

*"**At hinangaan namin ang ginawa mo,**" dagdag ng Natjae. Nangunot ang noo ko. "**Dahil napatunayaan mo sa amin, higit na sa akin, ang dedikasyon mo iyong posisyon. Kahit kamatayaan ay handa mong harapin, kung iyon ang aming desisyon.**"*

Napatitig ako sa kaniya, muli ay namuo ang mga luha sa mga mata ko. Hindi ko pa rin magawang magsalita. At gusto kong mahiya. Dahil sa mga pagkakamali kong paulit-ulit nilang tinatanggap. At bukod doon ay alam kong ako lang ang nakagawa nang ganito; ang pagkamatay ni Chairman Moon, at ang nagawa kong pagkitil ng buhay. Ako lang din ang kauna-unahang nahatulan na binawian ng hatol.

*Lumuhod ako sa harap ng apat na hukom. "**Maraming salamat,**" sinabi ko iyon nang buong puso gamit ang aming salita, matagal na nakayuko. Naramdaman ko rin nang magsipagtayuan ang pamilya ko at tumango sa apat na hukom.*

*"**Ireona,**" anang ikatlong hukom, inuutusan akong tumayo. Nakangiti na siya nang mag-angat ako ng tingin. "**Mayroon ka pang Chairman na kailangang bantayan.**"*

Natitigilan pa rin akong napatitig sa kaniya saka wala sa sariling nilingon sina daddy at Mokz. Mugto ang kanilang mga mata pero mula kanina ay walang sandaling nakita ko silang lumuluha. Maski isa sa pamilya ko ngayon ay hindi ko nakikitang umiiyak. Panay pa nga ang huni

ni Maxrill sa isang tabi, hindi malaman kung may nalalaman ba siya sa nangyayari. Pwede niyang ikamatay ang taglay na kainosentehan.

Bigla ay itinaas ng Ikaapat ang kanang kamay niya. Lalo pa akong natigilan nang sumunod ang tatlong hukom pa. Nanatiling nakatayo ang pamilya ko.

"Isumpa mo sa lupang kinatatayuan mo na iingatan mo ang kasalukuyang Chairman ng mga Moon sa abot ng iyong makakaya, Maxpein Moon," *anang ikaunang hukom.*

Dahan-dahan, napapakurap kong naiangat ang kamay ko. ***"Isinusumpa ko, Mama,"*** *mahina kong sagot.*

"Isumpa mo sa tubig na nakaririnig sa iyo na iingatan mo ang inyong pamilya gamit ang lakas na mayroon ka," *anang ikalawang hukom.*

"Isinusumpa ko, Mama," *sagot ko.*

"Isumpa mo sa hangin na dumarama sa iyo na mamahalin mo ang inyong pamilya nang buong puso, at mamumuhay kayo nang masaya," *anang ikaapat na hukom.*

Napatitig ako sa kaniya. ***"Isinusumpa ko, Mama."*** *Saka ako lumingon sa ikatlong hukom na may makapangyarihang ngiti sa akin.*

"Isumpa mo sa langit na nakakikita sa iyo na mananatili ang kabutihan diyan sa puso mo," *anang ikaapat.*

Namasa ang mga mata ko. ***"Isinusumpa ko, Mama."***

Nagsipagtanguhan sila at hinawakan ako sa ulo saka sabay-sabay na lumayo. ***"Maaari ka nang bumalik sa Emperyo,"*** *anang ikauna.*

Nagliwanag ang mukha ko. ***"Salamat, Mama,"*** *emosyonal kong sinabi.*

"Ngunit babalik ka lamang doon upang kunin ang ilang mga gamit mo, Maxpein."

"Eh?"

"Lilipad ka papuntang Estados Unidos kasama ang iyong mga kapatid. At hindi ka babalik sa bansang ito hangga't hindi mo natatapos ang misyon ninyo doon."

Naguguluhan akong napatitig sa kaniya. Gusto kong magtanong. Gusto kong humiling. Pero pinanghihinaan ako ng loob. Pakiramdam ko ay magiging abuso na kapag ginawa ko pa 'yon.

"Masusunod, Mama," *napapalunok kong sagot.*

END OF FLASHBACK

"Kung gano'n ay wala ni isa sa 'min dito ang nakaaalam sa nangyari sa iyo?" tanong ni Heurt matapos kong magkwento.

Umiling ako. **"Wala akong sinabihan. Maselan ang misyon na ibinigay sa 'min."** Totoong maselan ang misyon na iyon dahil may kinalaman iyon sa organisasyon.

"Kahit si Deib Lohr, hindi mo tinawagan?"

Natigilan ako at nag-angat ng tingin kay Heurt. Hindi ko na matandaan kung sino at kailan ang huling beses na may nagbanggit ng pangalan na iyon sa akin. Napapailing akong nagbaba ng tingin sa mga kamay ko.

"Hindi. Gaya mo ay wala siyang nalalaman," nanlulumong sagot ko.

Matunog na bumuntong-hininga si Heurt. **"Buong akala namin ay patay ka na,"** mariing aniya.

"Ibig mong sabihin ay sinabi mo sa kanila?" kunot-noo kong tanong.

"Syempre naman," nagugulat niyang sagot. **"Sasarilinin ko ba naman ang ganoong bagay, Maxpein? Karapatan din nilang malaman."**

Nanlulumo akong napabuntong-hininga. **"Inisip nilang patay na ako?"** tatango-tango kong tanong.

Napabuntong-hininga rin si Heurt. **"Nang araw na sabihin mo ay dumeretso ako sa mga kaibigan mo para sabihin."** Napailing siya. **"Pakiramdam ko ay nalungkot ang buong Laguna nang kumalat ang balita."** Pinandilatan ko siya. **"Ang totoo ay nagdaos pa sila ng panalangin sa inyong eskwelahan."**

"What?" naguguluhan kong asik.

Matagal siyang tumitig sa 'kin. **"Hindi mo gugustuhing malaman ang pinagdaanan ni Deib Lohr nang malamang wala ka na."** Malungkot akong nag-angat ng tingin sa kaniya. **"Napakatagal mong nawala, Maxpein."**

"Alam ko," mahinang sabi ko. **"Hindi ko naman inaasahang lahat ay maiintindihan ang naging sitwasyon ko."**

"Naiintindihan kita, bilang nanay mo ay naiintindihan ko ang lahat ng sinabi mo. At lahat nang iyon ay pinaniniwalaan ko, Maxpein," emosyonal niyang sinabi. **"Ngunit ipinaaalam ko lang sa iyo ang tungkol kay Deib Lohr."**

Nangunot ang noo ko. **"Anong kaniya?"**

"Ang pinagdaanan niya. Hindi iyon naging madali para sa kaniya."

"Alam ko. Hindi ko naman inaasahang magiging madali sa kaniya 'yon," nagsisimula na 'kong mainis sa hindi maintindihang dahilan. **"Si Deib Lohr 'yon, syempre mahirap sa kaniya lahat. Tss. Isang araw nga lang ay hindi niya matagalan, iyon pa kayang ilang tao ang dumaan?"**

"Iyon na nga." Bumuntong-hininga siya. **"Sinasabi ko sa iyo upang hindi ka umasa o umasta na magiging maayos kayo oras na malaman niyang buhay ka,"**

"Tss." Nag-iwas ako ng tingin. *Aawayin niya pa ba naman ako?* Hindi ko napigilang makaramdam ng lungkot. *Sana 'wag na. Dahil miss na miss ko na siya.* Nagsisisi akong hindi ko siya tinawagan, baka-sakaling makabawas 'yon sa pinagdaanan niya. *Pero kung iyong North Korea nga ay natunton niya, 'yon pa kayang America? Hindi pwede. Tss.*

"Ang dinig ko sa mga kaibigan mo ay matindi talaga ang pinagdaanan ni Deib Lohr," kwento ni Heurt. Natigilan ako. **"Hindi raw tulad noong una kang mawalay sa kaniya, ngayon ay lumalabas siya. Ang kaso ay parati lamang siyang tulala at madalas kung umiyak. Kalalaking tao."** Malungkot na nagkwento si Heurt, panay rin ang iling. **"Natakot ang pamilya niya dahil baka kung ano ang gawin niya sa sarili kaya hindi siya maiwang mag-isa. Wala siyang ginawa sa kaniyang sarili ngunit madalas ay wala siya sa hustong pag-iisip. Madalas din siyang nagkakasakit, mabuti naman at gumagaling."**

Napabuntong-hininga ako. **"Bakit niya naman pinabayaan ang sarili niya?"** wala sa sariling tanong ko.

"Dahil sa iyo," wala rin sa sariling sagot niya.

"Sinabi ko bang pabayaan niya ang sarili niya?"

"Hindi. Pero iyon ang kinahinatnan niya nang mawala ka. Nang isipin niyang wala ka na."

Matagal na katahimikan ang nangibabaw sa pagitan namin. Nagawa niya nang makapaghanda. Nakapagsimula na kaming kumain ay hindi pa rin ako makapagsalita. Kung ano-anong tumatakbo sa isip ko.

"Paano akong magpapaliwanag sa kaniya?" wala pa rin sa sariling tanong ko. **"Si Sensui 'yon,"** nasapo ko ang sariling noo. **"Sa takbo ng pag-iisip no'n ay hindi pwedeng walang paliwanag ang matagal na pagkawala ko."**

"Simulan mo nang mag-isip ngayon pa lang," napapailing na ani Heurt. **"Kung ako nga ay halos mamatay na sa sakit na pinagdaanan ko nang malaman kong nahatulan ka. Paano pa siya? Magkaiba ang pinagdaanan namin, at naiintindihan ko siya,"** sinserong aniya. **"Hindi niya lubos na nauunawaan ang estado ng buhay na mayroon ang mga Moon. Maaaring may mga nalalaman siya ngunit hindi lahat nang iyon ay naiintindihan niya, Maxpein."**

"I know." Nagbaba ako ng tingin, hindi na magawang lunukin kahit gaano kasarap ang pagkain.

Naihilamos ko ang mukha ko sa mga palad ko. Hindi ko akalaing may mas mahirap pa pala sa pinagdaanan ko sa nakaraan. Si Sensui.

"Natatandaan mo ba nang mangako ka sa kaniyang babalik ka?" mayamaya ay ani Heurt. Nag-angat ako ng tingin sa kaniya. **"Noong mangako kang mawawala lamang ng isang linggo at babalik din."** Panay ang buntong-hininga niya.

Tumango ako. **"Nangako ako kahit alam ko naman nang hindi ko matutupad 'yon. I was selfish,"** umiling ako. **"Alam ko kasing hindi niya ako papayagang umalis."** Nagbaba ako ng tingin.

"Naghanda siya ng proposal no'n. Para sa iyo."

Dahan-dahan akong nag-angat ng tingin sa kaniya. Umawang ang labi ko ngunit matagal bago may lumabas na salita. **"Anong proposal?"** natutuliro kong tanong.

"Gusto ka na niyang yayaing magpakasal," mapait ang ngiting sumilay sa kaniyang labi. **"Sa murang edad at isip ng lalaking iyon, hindi ako makapaniwalang naisipan niyang gawin iyon."**

Napailing ako. **"Kasal? Nababaliw na ba siya?"** wala sa sarili kong sabi. Pero sa pagkakatitig ko kay Heurt ay naunawaan kong nagsasabi siya nang totoo. Na hindi biro ang kinukwento niya ngayon. **"Yayayain niya akong magpakasal? Naisip niyang posible 'yon?"**

"Sa taong nagmamahal, anong dahilan ang meron ka para isiping imposible iyon?" Ngumiti siya. **"Mahal ka niya, Maxpein. At iyon iyong pagmamahal na kaya niyang dalhin habambuhay."**

Muli akong natulala at hindi nakapagsalita. Halo-halong emosyon ang ibinigay sa 'kin ng balitang ibinigay ni Heurt. Kinuha niya naman ang sandaling iyon upang ikwento ang proposal na pinaghirapan ni Sensui. Hindi lalo ako makapaniwala. At natatandaan ko kung gaano katindi ang sakit na nararamdaman ko sa dibdib nang araw ring iyon, kung saan nasa magkaibang parte kami ng mundo.

Dumating na't lahat ang mga anak at asawa ni Heurt, wala pa rin ako sa sarili ko. Hindi ko malaman kung paano ko nagawang makipagkumustahan at makipagkwentuhan sa kanila sa ganoong sitwasyon. Panay ang kwento nina Kev at Bree tungkol sa kanilang pag-aaral. Natural naman ang pagiging mahinhin ni Dainty kaya wala siyang ginawa kundi ang makingiti

sa pakikinig sa amin. Sa t'wing tatanungin ito ay ngiti o tipid na salita lang ang gamit.

Kaya bago pa man lumalim ang gabi ay nagpaalam na ako. **"Bibisita ako sa mansyon ng Moon bukas na bukas din,"** nakangiting ani Heurt nang ihatid niya ako sa labas. **"Dadalhan ko kayo ng tanghalian."**

"Salamat," tipid ang ngiti kong sabi.

Napapabuntong-hininga niya akong tinitigan. **"Masaya akong makita kang muli."** Emosyonal niya akong niyakap.

"Ako rin."

"Hindi mo alam kung gaano akong kasaya ngayon."

Gusto ko rin sabihin sa kaniyang masaya ako. Pero hindi na iyon ang nararamdaman ko. Nag-aalala ako kay Sensui, at sa iisipin at mararamdaman niya kapag nagkita kami. Nangangamba ako kung maiintindihan niya ba ako kapag nagpaliwanag ako.

"Kailangan ko nang umalis," binuksan ko ang makina ng motor.

"Mag-ingat ka. Magkita tayo bukas." Muli siyang yumakap sa 'kin saka bahagyang lumayo.

Isusuot ko na sana ang helmet ko nang muli ko siyang lungunin at bigyan nang natutulirong tingin. **"Heurt."**

"Oh?" inosente siyang lumapit.

"Si Sensui..." Napapalunok kong sabi. Tinitigan niya ako, hinihintay ang karugtong ng aking sasabihin. Pero hindi ko nagawang magsalita agad. Nag-aalala ako sa isasagot niya. *Wala naman siyang nabanggit, wala naman siguro?*

"Ano si Deib Lohr, Maxpein?" usisa ni Heurt nang hindi ako makapagsalita.

"May..." kinakabahan ako sa tanong niya. **"May iba na ba siya?"** hindi ko malaman kung paanong pinakirot ng tanong na iyon ang puso ko.

Natigilan si Heurt at napabuntong-hininga. **"Wala naman."**

Napapikit ako nang makahinga nang maluwang. Totoo ang saya ko nang ngumiti ako. **"Mauuna na 'ko,"** muling paalam ko 'tsaka isinuot ang helmet ko. Bumusina lang ako saka tuluyang lumayo.

Shit... Matindi ang pag-aalala sa dibdib ko. Kung kaninang papunta pa lang sa Pilipinas ay nag-uumapaw ang excitement sa dibdib ko. Ang bawat butil ng excitement na 'yon ngayon ay dumaragdag upang madoble ang kaba ko.

Wala akong maisip na paliwanag na sa kaniya kundi ang magsabi nang totoo. Pero hindi ko alam kung kapag nagpaliwanag ba ako ay pakikinggan niya ako. Nag-aalala ako na baka hindi na tulad ng dati ang galit at tampo niya. At ang pinakaipinag-aalala ko ay baka nakalimot na siya. Baka hindi na ako makilala ng puso niya.

Baka may mahal na siyang iba.

Bago pa man ako tuluyang maging emosyonal ay lumiko na ako sa kanto ng village nina Sensui. Wala iyon sa plano ko. Hindi ko rin naisip na posibleng magawa ko 'yon ngayon. Pero nang makarating ako sa mismong harap ng bahay nila ay 'ayun lang ako. Nakatulala sa bintana ng kwarto niya. Walang ginagawa para magkaharap na kaming dalawa.

Ipinarada ko ang motor ko sa madilim na parte ng kalsada at saka ako naupo sa gutter. Pinagkrus ko ang dalawa kong kamay saka idinikit ang mga iyon sa bibig ko. Panay ang pagbuga ko nang malalim na hininga. Kinakabahan ako sobra.

"Mahal ka niya, Maxpein. At iyon iyong pagmamahal na kaya niyang dalhin habambuhay." Muling umugong sa pandinig ko ang sinabi ni Heurt.

Bago pa lumalim ang pagiging emosyonal ko ay tumayo na ako. Muli kong sinulyapan ang bintana ng kwarto ni Sensui bago tuluyang sumakay sa motor ko. Hindi ko inaalis ang tingin ko sa bintanang iyon hanggang sa paglayo ko sa bahay ng mga Enrile.

Sana ako pa rin ang mahal mo, Sensui. Kasi hindi nagbabago ang nararamdaman ko. Hindi nagbago, at hindi na magbabago.

Haharurot na sana ako ngunit bago ko pa man marating ang gate palabas ng village ay naagaw na ng kasalubong na sasakyan ang atensyon ko. Bumagal bigla ang pagpapatakbo ko at pilit kong inaninag ang mukha ng nagmamaneho.

Sensui...

Hindi ako pwedeng magkamali. Kahit pa may ilang metro ang layo namin sa isa't isa, kahit anong dilim ng gawi niya ay nakikilala ko ang bawat anggulo ng kaniyang mukha. Masiyado siyang tutok sa pagmamaneho bagaman mabagal iyon. At sa kabila nang maliwanag kong head light ay hindi niya ako nililingon.

Halos mapahinto ako nang tuluyan niya akong lampasan. Padausdos kong iniliko ang motor ko upang masundan lang siya ng tingin. At pinanood ko siyang pumarada sa harap ng kanilang bahay.

Sensui...

Hindi ko akalaing magiging ganoon ako kaemosyonal nang makita siya sa malayuan. Paano pa kaya kapag harapan? Nakita ko siyang bumaba, at tumuloy sa kanilang bahay. Bumagsak ang mga balikat ko nang umasa akong lalabas pa siya at lilingon sa gawi ko.

Hindi ka niya nakita. Hindi ka niya nakilala. Hindi ka niya naramdaman, Maxpein.

Bigla ay nag-init ang buo kong mukha. At bago pa man ako maging emosyonal sa lugar na 'yon ay nagpasya na akong umalis. Iyon na yata ang pinakamabagal na pagpapaandar ko. Lalo akong nawala sa sarili ko at hindi ko maintindihan ang ipinagkakaganito ko.

Aminado akong sa Korea palang ay hindi ko na alam kung paanong haharapin si Sensui. Pero malayo rito ang nararamdaman ko hanggang kanina. Dahil kanina ay meron kong lakas ng loob, meron kong tapang, meron kong ipapaliwanag. Sa sandaling iyon ay hindi ko na alam.

"Maxpein," bungad sa 'kin ni daddy nang makarating ako. **"Natagalan ka yata?"**

"May dinaanan pa 'ko," nag-iwas ako ng tingin. Ngunit hindi ko inaasahang sa sandaling iyon ay kina Yaz at Naih tatama ang paningin ko.

Natutop ni Yaz ang bibig, mabilis siyang naluha matapos akong makita. Si Naih naman ay umamang ang mga labi at bigla na lang ding naluha. Hindi ko alam kung nakakahawa ba ang gano'ng emosyon, mabilis ding namasa ang mga mata ko.

Bakit nga ba nawala sa isip kong dito sila tumutuloy?

Totoong hindi ko iyon naalala. Dahil nang sandaling tumuntong kami dito ay nakatatak na sa isip kong pupuntahan agad si Heurt. Dahil sa kanilang lahat ay siya lang ang binalitaan ko sa araw ng hatol. Pero wala ni isa sa kanila ang nakaalam na hindi iyon nangyari.

Dahan-dahang tumayo si Yaz, hindi pa man nakalalapit ay humahagulgol na. Walang salitang lumapit siya sa 'kin at yumakap nang mahigpit. Kukurap-kurap naman akong nag-iwas ng tingin, ayaw kong umiyak, ngunit tumama iyon kay Naih. Na bagaman lumuluha ay hindi ko maitatangging kinakikitaan ko ng galit.

"Thank God you're alive, Pein," humihikbing bulong ni Yaz, hindi halos maklaro ang sinasabi dahil sa sobrang pag-iyak. **"I can't believe that you're here right now, that I'm hugging you,"** lalong humigpit ang yakap niya. **"I'm so happy you're alive, this is the best feeling ever, Pein. I'm really happy to see you!"**

"Thank you, Yaz," gumanti ako ng yakap sa kaniya ngunit ang paningin ko ay hindi mawala-wala kay Naih.

Inaasahan kong lalapit siya, magbubunganga at aasarin ang kapatid dahil nauna itong lumapit. Pero hindi iyon nangyari. Marahan siyang tumayo at pinunasan ang tuloy-tuloy na luha.

"Naih," usal ko saka kumalas kay Yaz. Ngunit lalapit na sana ako nang bigla siyang umatras. **"Naih..."**

"I-I'm..." Tumango-tango si Naih saka tumitig sa 'kin. Nang hindi niya napigilan ang mga luha ay nagbaba siya ng tingin sa magkahawak niyang kamay. **"I'm happy to see you again, Maxpein,"** sinsero niyang sinabi. **"Pero h-hindi ko pa kayang makipag-usap sa 'yo ngayon."** Tumitig siya sa 'kin nang may nalulungkot, nasasaktang tingin bago kami tuluyang tinalikuran.

Naiwan akong tulala sa kinatatayuan niya at hindi nakapagsalita. **"Pagpasensyahan mo na si Zarnaih,"** emosyonal pa ring ani Yaz. **"H-Hindi kasi namin inaasahang buhay ka. Totoong nagulat kami. Ngayon lang. Walang nagbanggit sa amin nang makarating kami,"** paliwanag niya. Napalingon naman ako sa 'taas kung saan dumaan si Naih. **"I'm sure she's really happy to see you, but let's give her time muna, Pein? Please? Kasi h-hindi madali 'yong pinagdaanan namin nang malaman naming wala ka na. Tapos ngayon ay bigla ka naming makikita..."**

"Naiintindihan ko," sagot ko bago pa siya magpatuloy sa sinasabi. Alam kong maging ang ipaliwanag ang nararamdaman nila ay mahirap sa sandaling iyon. Dahil gano'n din ako.

"Susundan ko na muna ang kapatid ko. Mag-usap na lang ulit tayo bukas. Magpahinga ka na," ngumiti siya matapos haplusin ang buhok ko. **"Masaya talaga akong makita ka ulit. Napakasaya ko."**

Tipid ang naging ngiti ko. **"Me, too."** Tinapik ko lang ang balikat niya 'tsaka siya pinanood na umakyat.

Naiwan ako sa sala, nanlulumong napaupo habang nakatingala sa 'taas. Doon naman lumapit sa 'kin si daddy. Inakbayan niya ako at hinapit papalapit sa kaniya. Naramdaman ko nang halikan niya ako sa noo.

"Kung mga kaibigan ko palang ay ganiyan na ang reaksyon, paano pa si Deib Lohr?" wala sa sarili kong nasabi.

Bumuntong-hininga siya. **"Matatapos din ang lahat, anak,"** bulong niya. **"Magiging maayos din ang lahat."**

Naluha ako sa sinabi ni daddy. Pakiramdam ko, kahit hindi ko sabihin, nararamdaman niya ang pinagdaraanan ko. At mukhang sila lang ang makaiintindi sa 'kin habang hindi ko naaayos ang lahat ng ito.

"PUTSA, BUHAY talaga siya, 'dre!" Kinabukasan ay nagising ako sa maiingay na boses, tinig ni Tob.

"I can't believe it," nangibabaw ang pamilyar na tinig ni Lee. Dahilan upang dagli akong mapabangon at aligagang lumingon sa gawi nila! Nag-alala akong baka naroon din si Sensui. Ngunit halos mapatalon sila sa naging kilos ko, ang takot ay naro'n sa kanilang mga mata.

"M-Max..." pagtawag ni Tob. Maging si Lee ay halatang kinabahan.

Sa halip naman na pansinin sila ay tumingin ako sa kanilang likuran. Ngunit bukod kina Naih at Yaz ay silang dalawa lang. Tumuloy si Yaz sa kwarto ko matapos sumenyas, sumunot naman sina Lee at Tob. Habang si Naih ay nagpaiwan sa labas ng kwarto. Magkakrus ang kamay niya habang nakasandal sa pinto.

"Good morning, Max," utal-utal na pagbati ni Tob. **"Sorry kung naabala ka, kung nagising ka sorry. Anyway, masaya akong makita ka ulit, kahit hindi inaasahan. Masaya talaga ako."**

"Good morning," masaya kong bati.

"Hey, Max," bahagyang lumapit sa 'kin si Lee. **"It's nice to see you again, seriously."**

Tinanguan ko lang sila at nginitian. Natuon ang paningin ko kay Naih na noon ay para ang takot na takot lumapit sa 'kin bagaman may mababasang galit sa mga mata. Pakiramdam ko ay iniisip niyang hindi na ako iyong dating kaibigan niya, na namatay na nga iyon nang mabalitaan niya. Hindi ko alam kung paano kong ipaliliwanag sa kaniya.

"Si Deib?" sinikap kong 'wag mautal. **"Alam na ba niya?"**

"Inaasahan mo bang kami ang magsasabi?" si Naih ang sumagot.

Napalunok ako. *Kung gano'n ay hindi pa niya alam.* **"Hindi naman. Inaalam ko lang."**

"'Sabagay, hindi mo nga pala ugaling magsabi," pabulong na aniya pero nadinig ko. Napapahiya akong sumulyap sa kaniya.

"Zarnaih..." nananaway ang tinig ni Yaz. **"Ano ba?"**

"Mukhang busy si Deib ngayong araw. Hayaan mo, babanggitin ko bukas na buhay ka na."

"Zarnaih," angil ni Yaz.

"Psh. Ano ang sasabihin ko kay Deib? Na nakabalik na si Max? Eh, ang alam natin lahat ay patay na siya, hindi 'yong tulad ng dati na umalis lang siya nang walang paalam."

"Napaka-harsh mo, kaibigan natin 'yan, Zarnaih, 'wag mong kalimutan," seryoso ang pananaway ni Yaz.

"Naisip niya ba 'yon no'ng ipamalita niya dito na patay na siya?" mabilis na namula ang mga mata ni Naih. Nag-iwas ako ng tingin. **"Naisip niya ba na kaibigan niya tayo, kaya natural lang na masaktan tayo kapag nalaman nating patay na siya? Ni hindi man lang nga siya nag-abalang sabihin sa 'tin na may gano'n pala siyang parusa! Kaibigan 'yong gano'n, ate?"** dere-deretso niyang sabi saka ako sinamaan ng tingin bago niya kami tuluyang tinalikuran.

Nagbaba ako ng tingin sa mga kamay ko at pinigilang maluha. **"I'm so sorry, Maxpein,"** ani Yaz, lumapit at yumakap sa 'kin. **"Guys, sundan niyo muna si Zarnaih."** Tumango lang ang magkaibigan sa 'kin 'tsaka lumabas ng kwarto.

Naihilamos ko ang mukha ko sa palad saka nanlulumong tumulala sa kung saan. **"Hindi ko alam kung paano akong magpapaliwanag. Inuunahan ako ng takot, inuunahan nila ako ng galit,"** mahinang usal ko.

"Naiintindihan kita, Pein, pero naiintindihan ko ang kapatid ko at mga kaibigan mo. Nakakagulat talaga. Hanggang ngayon ay hindi ako makapaniwala."

"Hindi ko naman kasi akalaing ganito ang makakarating sa inyo," iiling-iling kong sabi. Wala sa isip kong sisihin si Heurt. Kasalanan ko rin naman kung bakit niya sinabi sa lahat 'yon.

"Kung ayos lang sa 'yo ay hayaan na muna natin sila. Let's give them time, okay? Maiintindihan din nila."

"Thank you, Yaz. Ikaw pa rin ang pinakamalupit na advisor ko," nakangiti kong sabi.

Matamis siyang ngumiti. **"Ang mahalaga ay narito ka na, nakabalik ka na. Maaayos mo na ang lahat."** Tinanguan ko siya. **"Kailan mo planong sabihin kay Deib?"**

"Hindi ko alam."

"Hindi naman sa nakikialam ako pero..." Nakangiwi siyang bumuntong-hininga. **"Kung mas patatagalin mo kasi ay baka lalo siyang magalit."**

Natulala ako sa kaniya. **"Dapat bang puntahan ko siya?"**

Tumango siya. **"Oo naman. Karapatan niyang malaman."**

"Sa tingin mo ba ay gusto niyang malaman?" kabado kong tanong.

"What kind of question is that, Maxpein? Of course!"

"Sa tingin mo ba ay gusto niya akong makita?"

"Tsk. 'Wag ka ngang mag-isip nang kung ano-ano? Syempre naman, 'no. At nasisiguro kong matutuwa 'yon kapag nalaman niyangmali pala 'yong nabalitaan namin."

"Ano ang sasabihin ko sa pamilya niya?"

"'Tsaka mo na isipin ang iba pa. Sa ngayon ay si Deib nalang muna ang kausapin mo." Hinawakan niya ako sa mga balikat. **"Sa ngayon ay sa BIS mo makikita si Deib. Siya ang contractor ng BIS ngayon, nire-renovate 'yong ibang parts sa secondary."**

"Sige."

"Pero kumain ka bago umalis, ah? Nagluto ako." Ngumiti siya. **"Ipinagluto kita."**

Napangiti ako bagaman bitin iyon. **"Salamat. Na-miss ko nga ang luto mo."**

"Oh, sige, kumilos ka na diyan. Hihintayin ka namin sa 'baba."

Mabilis akong kumilos upang maligo, naging mahirap para sa 'kin ang pumili ng damit. Dahil bukod sa masiyado akong nag-aalala sa magiging hitsura ko, hindi mawala sa isip ko ang posibleng mangyari kapag nagkaharap kami ni Sensui. Tuloy, imbes na magsuot ako ng dress ay nauwi ako sa maong pants at knitted long sleeves.

"Hindi ka man lang ba maglalagay ng kolorete sa mukha mo?" natatawang ani Yaz nang makababa ako. Tinulungan ko siyang maghanda sa mesa.

"Hindi na kailangan," tugon ko.

"'Sabagay, lalong gumanda ang kutis mo, ah? Sobrang ganda siguro ng klima sa Korea?" kaswal na aniya habang nagsasalin ng ulam sa bowl. **"Anyway, nagulat ako kay Maxrill, ah? Nagbago na siya!"**

"Tss. Hindi masiyado. Isip-bata pa rin."

"At least may ipinagbago! Hindi tulad noon na parang five years old ang kausap ko."

Natawa ako. **"Umeedad kasi siya, mabagal lang talaga ang proseso ng pagtanda ng isip niya. Matakaw pa rin si Maxrill, nagmamaktol kapag**

pinagda-diet at walang hawak na pagkain. Pero kahit papaano ay may ipinagbago."

"Well, at least he's still nice to me. He's approachable, intelligent boy. Hindi tulad no'ng kuya mo na dinaan-daanan lang ako kahapon. Psh. I think he's better than Maxwell." Nagkibit-balikat si Yaz. Nakangiwi lang akong tumango-tango.

"There's someone better than me now, huh?" Nangibabaw bigla ang tinig ni Maxwell.

Pareho naming hindi inaasahan ni Yaz ang presensya ni Maxwell, bagaman hindi na ako nagulat. Nanatili akong magkakrus ang braso habang nakasandal sa kitchen island. Tinapunan ko lang ng tingin si Maxwell saka ko nakangiwing sinulyapan si Yaz, na noon ay hindi maipaliwanag ang gulat sa mukha. Naiwang nakaawang ang mga labi niya at hindi magkandaugaga kung paanong sasagutin ang tanong ni Maxwell.

Muli kong tiningnan si Maxwell nang mata lang ang gumagalaw. Ipinako niya ang magkabilang palad sa mesang nasa pagitan nila ni Yaz saka sinunggaban ng tingin ang babae. Walang emosyon ang mukha ni Maxwell, hindi naman nagbabago ang hitsura ni Yaz.

Nabuburyo naman akong panoorin sila. Magkaharap sila habang ako ay nakapwesto sa gitnang gilid ng mesa. Panay lang ang pagbubuntong-hininga ko habang nakalapat ang pareho kong labi.

"Someone better than me. Really?" Lumitaw ang nakakalokong ngisi at dimples ni Maxwell. **"You think there's someone better than me now?"** tatango-tango niyang inulit ang tanong, hindi inaalis ang tingin kay Yaz.

Gusto kong matawa. Para bang hindi siya makapaniwalang meron nang humigit sa kaniya sa pananaw ni Yaz. At gusto kong humalakhak dahil ang tinutukoy nito ay ang bunsong kapatid niya. Iyong kapatid niyang kung mag-isip ay parang kailan lang ipinanganak.

Tumikhim si Yaz. **"Are you insulted or...just jealous?"** Humalakhak siya.

Maging ako ay natawa. **"He sounded both,"** nakangising sabat ko.

Hindi man lang inalis ni Maxwell ang paningin kay Yaz. Tinitigan niya nang maigi ang babae na para bang tinatantya ang kakayahan nitong magsabi nang totoo sa kaniya.

"I'm neither, lady," nakangising tugon ni Maxwell na siyang nakapagpatinag kay Yaz.

Lalong napamaang si Yaz, napailing at hindi agad nakapagsalita. Sumulyap siya sa 'kin saka umiiling na muling bumaling kay Maxwell. **"I was actually talking about—"**

"Who cares?" pigil ni Maxwell sa sasabihin sana ni Yaz.

"Are you mad?" nag-aalalang tanong ni Yaz. Inilapag niya ang kaldero at syanse saka aligagang tiningnan si Maxwell. **"Look, I was—"**

"Tsh," singhal ni Maxwell saka umayos ng tayo. Pinagkrus niya ang mga braso at tinitigan muli nang pagkaigi-igi si Yaz. Napangiwi ako sa pagkaburyo. **"But I'm kind of pissed."**

Natigilan si Yaz nang pagkatagal-tagal. Paniguradong gumawa na ito ng kung ano-anong istorya sa isip. Mayamaya ay saka siya nagpigil ng ngiti, kinikilig. **"You're smarter than him, don't worry."**

"Oh, I could study you for weeks, even months, believe me." Lalong sumilay ang nakakalokong ngisi ni Maxwell.

"Yeah, you were born intelligent, Maxwell Laurent. Education spoiled you," sabat ko. Napahiya ako nang iharap lang niya ang palad sa 'kin para patahimikin ako. Hindi niya talaga maalis ang tingin kay Yaz. Noon ko lang siya nakitang tumitig nang ganoon katagal kay Yaz. Insultong-insulto. Selos na selos siguro.

"Pero promise, maniwala ka sa 'kin, ikaw pa rin 'yong the best," bawi ni Yaz, sinusubukang utuin ang kapatid ko. **"Nag-iisa ka lang!"**

"Saan? Sa mundo o sa puso mo?"

"Ha?" napamaang si Yaz.

Tss. Lalong naglapat ang mga labi ko. Gusto kong kunin ang sinangag na niluto ni Yaz at ihiwalay na lang ang mga bawang. Mukhang mas malilibang pa ako.

"Forget it," ani Maxwell.

"Hey, what are you mad about?" nag-aalala ang tinig ni Yaz.

"I'm not mad," sumeryoso si Maxwell. Tumaas ang kilay ko. **"But it's not the insult to my intelligence that I find offensive."** Ngumisi siya saka kami tuluyang tinalikuran.

Napasipol ako saka ko sinulyapan ang paglayo ng kapatid ko. Nakangisi akong umiling bago ko tiningala si Yaz, na noon ay hindi pa rin inaalis ang paningin kay Maxwell, nang nakanganga.

Tss.

"What's his problem?" nakangusong ani Yaz.

"Baka gusto ng bagong kanin?" inosente kong sabi. **"Ayaw niya ng fried rice."**

"Ewan ko sa 'yo, Maxpein," angil ni Yaz saka itinuloy ang paghahanda.

"*Noona*?" Napangiwi ako nang mangibabaw ang tinig ni Maxrill. **"Have you seen my slippers? I can't see it."** Inis siyang lumapit sa 'min.

"Tss, 'yong paminta sa adobo nakikita mo, 'yong tsinelas mo, hindi?" inis kong sabi. **"Hanapin mo muna sa kwarto mo."**

"What's wrong with you?" masungit na aniya saka kakamot-kamot na nagpatuloy sa paghahanap.

"Grabe," umiling-iling si Yaz. **"Lalo yata kayong naging wirdo, 'no?"**

Hindi ko maiintindihan ang mararamdaman ko nang umaga palang na iyon. Ang galit at tampo ni Naih, ang presensya nina Lee at Tob, ang pagsusungit ni Maxwell, ang kakulitan ni Maxrill, at ang halo-halo kong nararamdaman para kay Sensui.

Handa na ba akong harapin siya?

Sabay-sabay kaming nag-agahan nang umagang 'yon. Pero halos hindi kami magkibuan, masiyadong tahimik ang hapag-kainan. Tanging si Maxrill lang ang nagsasalita, iyong aso pa ang kausap.

Tumawag si Heurt at sinabing magdadala nga ng tanghalian. Nakapangako tuloy akong babalik bago magtanghalian.

Bago magtanghali ay nagtungo nga kami sa BIS at lintik naman talaga ang kaba ko. Hindi na ako nagpumilit pang dalhin ang motor ko, sumabay na lang ako sa sasakyan ni Maxwell papunta ro'n. Magkakasama naman sa sasakyan sina Lee, Tob, Yaz at Naih.

"Are you ready to talk to him?" tanong ni Maxwell nang makapag-park kami sa BIS. **"Hey?"**

Natutulala akong lumingon sa kaniya. **"Ha?"**

"Tsh. You'll face him like that?"

"What?"

Umiling siya. **"If you're not ready, it's better for you to go home. I need to talk to him."** Alam kong si Deib Lohr ang tinutukoy niya. **"Kukunin ko siyang engineer sa Palawan."**

"Seryoso ka?" nagugulat kong tanong.

"Yes," inalis niya ang seatbelt. **"May problema ba ro'n? Let's go,"** umibis siya sa sasakyan.

Aligaga akong bumaba at natutulirong nilingon ang tahimik na BIS. Naalerto lang ako nang makalapit ang mga kaibigan ko sa 'min.

"Teka," pinigilan ko si Maxwell sa akmang pagla-lock sa sasakyan niya. Kinuha ko ang tatlong bola na dala ko para sa magkakaibigan. **"Here's for you,"** iniabot ko kay Lee ang una. **"'Eto naman ang sa 'yo,"** abot ko kay Tob.

Inosente nilang tiningnan 'yon. **"Salamat,"** sabay nilang sabi.

"May pirma ang mga 'yan," sabi ko saka binitbit ang para kay Sensui.

"Holy sshh!" dinig kong singhal ni Tob nang makatalikod ako. **"Ang astig nito, Max!"** habol niya. Ngingisi-ngisi naman akong nagtuloy papasok.

Hindi ko na lalo maintindihan ang mararamdaman ko. Parang hinahalukay ang mga lamanloob ko. Kinakain ako ng kaba ko. At habang papalapit kami sa building mismo namin noong high school ay mas lalo akong kinakabahan. Halos hindi ko na marinig ang usapan ng mga kaibigan ko, tanging paghinga ko na lang ang nangingibabaw sa aking pandinig. At nang magsimula kaming umakyat ay para na akong hihimatayin sa sobrang kaba.

"Hindi ko inaasahang malaking construction pala ang pinagkakaabalahan niya?" ani Maxwell matapos tinangalain ang mga baklas na kisame ng hallway. **"Siguro matatapos niya ito bago matapos ang buwan, ano sa tingin mo?"** hindi niya inaasahang si Yaz ang malilingunan.

"I don't know," nagkibit-balikat si Yaz.

"Of course you don't know. You only know better, Yaz." Ngumiti nang nakakaloko si Maxwell saka nagtuloy. **"Where is he?"**

"Baka nasa banyo?" ani Lee na lilinga-linga sa bawat madaanan naming kwarto.

"Psh, hindi 'yon tulad mo, 'uy," tudyo ni Tob. **"Nandoon siya sa dulo,"** dagdag niya dahilan para tumindi pa ang kabog sa dibdib ko. **"Deib Lohr, yuhoo!"**

Napapapikit akong nagpahuli sa paglalakad. Hindi ko alam kung paano ko siyang titingnan. Kinakabahan ako! Lalo na nang i-dribble nina Lee at Tob ang mga ibinigay kong bola. Ang bawat kalabog na ginagawa niyon sa t'wing tatalbog ay parang kabog sa dibdib ko.

"Deib Lohr!" muling sigaw ni Tob, tatawa-tawa. **"May sorpresa ako sa 'yo!"** aniya pa.

At bago nga kami makarating sa dulo ay natanawan kong may lumabas sa dulong kwarto. At kahit nahaharangan ito nina Lee at Maxwell, kahit

dulo lang ng buhok nito ang nakikita ko. Nasisiguro kong si Sensui na nga iyon.

Namasa bigla ang mga palad ko sa sobrang kaba. Hindi ko alam kung saan itutuon ang aking mga mata. Napatitig ako sa bola!

Sinadyang humarang nina Lee, Tob at Maxwell sa harapan ko. At sa paggalaw ng mga balikat ni Tob ay nasisiguro kong noon pa lang ay pinagtatawanan niya na si Sensui.

Kinakabahan ako, king ina!

"Hey," ani Maxwell.

"Hey," tinig ni Sensui. Nakagat ko ang sarili kong labi nang marinig ko ang boses niya. Para iyong balahibo ng malaking ibon, na ipinangkiliti sa aking tainga. **"It's been a long time,"** dagdag niya dahilan para ang kiliti na 'yon ay umabot sa puso ko.

"Kumusta?" tanong ni Maxwell.

"Ayos naman. Ikaw, kumusta?" kaswal ang pananalita ni Sensui, malayo sa makulit na boses na nakasanayan ko sa kaniya. **"Napadaan ka?"**

Napabuntong-hininga si Maxwell. **"I would like to negotiate a business deal with you. I hope you're not busy."**

"Hindi naman masiyado."

"Can we talk?"

"What is it about?"

"My sister."

Nanlaki ang mga mata ko sa isinagot ni Maxwell. Napaawang ang labi ko at wala sa sariling nalingunan si Naih. Na noon ay magkakrus ang braso, magkalapat ang mga labing nakatingin sa 'kin.

"What about her?" tanong ni Sensui matapos ang ilang sandali.

Pinalo ko si Maxwell sa likuran, hindi niya iyon pinansin. **"She wants to speak with you."** Matapos sabihin iyon ay umalis siya sa aking harapan. Ganoon din sina Lee at Tob.

Dahilan para eksaktong magtama ang paningin namin ni Sensui. Napalunok ako nang magkakasunod, at para bang nahihilo at maduduwal sa hindi maipaliwanag na dahilan.

Nabasa ko ang gulat sa mga mata niya, pero malayo iyon sa gulat na nakita ko sa mga kaibigan ko. Ang pagkakakunot ng kaniyang noo ay sapat na para malaman kong hindi niya inaasahang makita ako. At hindi niya

inaasahang makikita pa ako. Sa hitsura niya ay para bang ako ang pinakaimposibleng makitang tao sa sandaling ito.

Matagal kaming napatitig sa isa't isa, walang makapagsalita. Ako ay hindi malaman ang sasabihin habang siya ay hinihintay akong umimik. Pero hindi iyon nangyari. At dahil sobrang tuliro ay naibot ko bigla ang bola.

Tss. Stupid!

Kunot-noo niyang tinapunan ng tingin bola bago iyon tinanggap. **"Ano 'to?"**

Hindi man lang nagbago ang tinig niya mula nang si Maxwell ang kausap hanggang sa ako na. Ibig sabihin ay hindi man lang nagbago ang nararamdaman niya ngayong ako na ang kaharap niya. Mukhang hindi ganoon katindi ang gulat niya matapos akong makita.

"Bola," estupido kong sagot, hindi malaman kung paanong lalabanan ang takot, kaba at hiya.

Napabuntong-hininga siya. **"Marami ako nito."**

Napalunok ako. **"Iikot mo,"** sabi ko habang sumesenyas na ikutin niya ang bola.

Sandali siyang napatitig sa 'kin saka sinunod ang sinabi ko. Nang sa wakas ay makita niya ang pirma doon ay umasa akong magbabago ang reaksyon niya pero nabigo ako.

"Ang astig, 'di ba, 'dre?" umalingawngaw ang tinig ni Tob. **"Meron din kami ni Lee. May pirma ni Michael Jordan, 'dre!"**

Nilingon ni Sensui ang kaibigan bago muling tumingin sa 'kin. **"Thanks."**

Pilit ang naging ngiti ko. Gusto kong alisin sa kaniya ang paningin ko pero para nilalamon ako masiyado ng hiya para ituon iyon sa mga kaibigan namin. **"Hindi ko nakakalimutang ipinangako ko 'yan sa 'yo."**

"Ah," iyon lang ang sagot niya at tango.

"..." Napipi ako at hindi na malaman kung ano pa ang sasabihin. Tumitig lang siya sa 'kin na para bang naghihintay kung meron pa ba akong kailangan sa kaniya. Dahil masiyado siyang abala at kinakain ko ang oras niya. **"Ah, sige, busy ka yata?"** sinikap kong pigilan ang garalgal ng boses ko.

"Yeah," muli siyang tumango.

"Wow, you're all here?" nangibabaw ang pamilyar na tinig ng babae. Nangunot ang noo ko. **"Hello, handsome!"** bati niya kay Sensui sabay

halik sa pisngi at angkla ng kamay sa braso nito. Hindi ko napigilan ang sarili kong samaan ng tingin si Kimeniah.

Anak ng tupa... Napabuntong-hininga ako at hinintay siyang lingunin ako. **"Hi."**

Natigilan siya at halos lumuwa ang mga mata sa gulat. **"M-Max?"**

"Yes."

"Maxpein?"

"Yes."

"Maxpein...?"

King ina... Hindi na ako sumagot. Sa halip ay tinitigan ko siya na para bang kinukwestyon ko na ang presensya at mga kilos niya. Kung nakakasugat lang ang tingin ko ay baka nagkandahiwa-hiwa na labi at ang kamay niyang nakasabit parin sa braso ni Sensui.

~ To Be Continued . . . ~

OceanofPDF.com

CHAPTER 236

Credits to the owner of this picture. ♥

CHAPTER 326
MAX'S POV

"OH, MAXPEIN?" bungad sa 'kin ni Heurt. **"Mag-isa kang bumalik?"** aniya habang nakatingin sa likuran ko.

"Inihatid ako ni Lee," tugon ko nang hindi siya nililingon. Dumeretso ako sa kusina at kumuha ng beer. Naupo ako sa kitchen island at sinimulang lumaghok.

"Ano ang nangyari?" usisa niya, tumunghay pa upang maghintay ng sagot. **"Nagkita kayo? Ano ang sabi niya?"** nakangiti niya pang tanong.

Lumipad ang tingin ko kay Heurt, masama, pailalim. Napaayos siya ng tindig at inosenteng tumitig sa 'kin. Napapabuntong-hininga kong inalala ang hitsura ni Sensui ngunit kamalas-malasang mukha ni Kimeniah ang bumalatay sa aking alaala. Napapapikit akong umiling saka muling lumaghok.

"Maxpein, tell me what happened," puno ng pagtatakang aniya.

"Ang sabi mo ay wala siyang iba, Heurt," mariing sabi ko.

Natigilan siya at tumitig sa 'kin. Sinalubong ko ang tingin niya at nagpatagalan kami sa pagtitig. **"Wala nga,"** natutulirong aniya, lalong sumama ang tingin ko. **"Wala akong nababalitaang may nobya siya. Panay ang pagkumusta ko sa kaniya at kaniyang pamilya, wala silang nababanggit."**

"Wala nga," tumango-tango ako. **"Wala kang nalalaman,"** sarkastiko kong dagdag.

Napamaang siya. **"May iba na siya?"** nagugulat niyang tanong.

Inis kong ibinaba ang bote at tumingin nang masama sa kaniya. **"Si Kimeniah."**

Nalaglag ang mga balikat niya. **"Iba ba 'yon?"** nakangiwi niyang tanong.

King ina, literal na bago pala ang iniisip niya. Letse! Lalo pang sumama ang mukha ko. **"Ano ba, Heurt?"**

Naglapat ang mga labi niya at nag-iwas ng tingin. **"Wala akong nababalitaang may relasyon sila, ngunit ang dinig ko ay madalas silang magkasama. Iyon lang."**

"Tss. Gano'n na rin 'yon."

"Wala silang relasyon."

"Hindi ako interesado sa kumpirmasyon kung meron o wala silang relasyon."

"Saan kung ganoon?"

"Sa nararamdaman ni Sensui, Heurt. 'Yon lagi ang importante sa 'kin." Tinungga kong muli ang bote at inubos ang laman no'n. Pabagsak kong ibinaba ang bote saka pinunasan ang labi ko. **"Gaano kadalas silang magkasama?"**

"Madalas."

"Gaano ngang kadalas?"

"Hindi ko alam, Maxpein, hindi kami magkakasama. Kung lumalabas man sila ay wala akong nalalaman, hindi naman nila ako isinasama." Walang halo ng sarkasmo ang sagot niya pero nainis ako.

Walang saysay ang pagtingin ko nang masama sa kaniya, nagagawa niya lang 'yong bale-walain o labanan. Inis akong bumuntong-hininga, at lalo pa akong naiinis dahil kahit na anong inis pa ang maramdaman ko ay wala akong magawa. Hindi ko alam ang gagawin. Nararamdaman kong bale-wala kay Sensui ang presensya ko.

Nang sabihin niya sa 'kin kanina na busy siya, hindi ko naramdamang umiiwas siya. Ipinaramdam niya sa 'kin na busy talaga siya. Ipinaramdam niya sa 'king hindi siya apektado sa presensya ko. At ipinaramdam niya sa 'king hindi siya nagugulat na makita ako.

Alam ba niya? Kunot-noo akong nag-isip, pilit na binabalikan ang mukha niyang pakiramdam ko ay napakalaki nang ipinagbago. Kanina ay para bang unti-unting nilulusaw ang puso ko nang sandaling matuon sa 'kin ang tingin ni Sensui. Lalo siyang gumwapo. Lalo siyang pumuti. Ang mga labi niya ay lalong naging mapula nang dahil do'n. Kanina ko lang nasaksihan kung gaano pa kami kabata sa nakaraan. Maganda na ang tindig niya at wala nang bakas ng kapayatan. Dahil ngayon ay hindi lang siya ganap na binata. Lalaking-lalaki na si Sensui.

"Kung ganoon ay hindi pala kayo nagkausap," mayamaya ay ani Heurt.

Paano kaming magkakausap, eh, may ahas na hindi maalis ang tuklaw sa kaniya. King ina. **"Busy raw siya,"** nakangiwi kong sabi. Muli akong tumayo at kumuha ng beer.

"Maglalasing ka ba?"

"Nauuhaw lang," sabi ko habang nakatuwad sa ref. **"Ganito ako mauhaw, Heurt."**

"Maxpein," wala pa man ay para bang nananaway na siya. Ngunit gano'n na lang ang mangha ko nang iabot niya pa ang bottle opener sa 'kin. **"Ikuha mo rin ako."**

Napapabuntong-hininga kong inabot ang bote sa kaniya. **"Sa 'yo na."**

"Akala ko ba ay nauuhaw ka?"

"Lalabas na muna ako."

"Saan ang punta mo?"

"Sa labas nga," inis kong sagot saka naglakad palayo.

Masama ang loob ko nang sumakay sa motor. Halos paliparin ko iyon sa pagharurot. Para akong nawawala at hindi malaman kung saan pupulutin. Sa sandaling iyon ay hindi ko alam kung ano ang dapat at tamang gawin.

Gusto kong magkausap kami ni Sensui, pero hindi ko alam kung handa na ba ako sa magiging pakikitungo niya. Wala pa man ay parang nasasaktan na 'ko. 'Eto na naman 'yong kakaibang takot at kaba ko na sa kaniya ko lang nararamdaman. Kahit na alam ko ang ipaliliwanag, pakiramdam ko ay hindi ko magagawang magsalita oras na magkaharap kami. At ang mas ikipinangangamba ko ay baka tanggapin niya na lang ang paliwanag ko dahil wala na 'yong epekto. Dahil wala na siyang pakialam. Dahil kontento na siya nang wala ako. Dahil sanay na siya. Dahil nakalimot na siya. O ang masakit, dahil may iba na siya.

Punyeta!

Dumeretso ako sa TB at syempre halos magtakbuhan sa takot ang mga bakla matapos akong makita. Nagpalakasan sila ng tili hanggang sa mapagod.

"Tss," inis akong naupo sa VIP couch.

"Seryoso ka bang ikaw 'yan, Maxpein?" tanong ni Beka. Nandoon sa kaniya ang pag-aalinlangang lumapit, kahit makikitang gusto niyang hawakan ako para alamin kung totoong ako nga ito.

"Gusto kong uminom," inihilig ko ang batok ko.

"Where have you been!" hindi maipaliwanag ang halo-halong emosyon sa tinig ni Boy.

Napabuntong-hininga ako. Ang isip ko ay nagtatalo kung bakit hindi ko nakita ang ganitong reaksyon kay Sensui.

Aminado akong hindi ko napaghandaan ang paghaharap namin. Masiyado akong umasa sa yabang ko, akala ko ay may maibubuga pa rin ako. Pero hindi gano'n ang nangyari. Dahil nang sandali pa lang na maisip ko siya ay lintik na ang aking kaba.

"Ang buong Laguna ay nakiramay nang mamatay ka, pero...paanong nangyaring buhay ka?" ani Barb. **"Maxpein, kausapin mo kami, what happened to you?"**

"Masiyadong mahaba ang kwento," tinatamad kong sagot.

"Paikliin mo," ani Beka.

"Hindi na," bumuntong-hininga ako. **"Pakiramdam ko ay nakalutang ako, hindi maganda ang pakiramdam ko."**

Gano'n na lang ang gulat ko nang sabay-sabay silang napatalon papalayo. Sinamaan ko sila ng tingin. **"Multo ka na ba?"**

Sumimangot ako. **"Angkokorni niyo."**

"Ano ba!" angil ni Beka. **"Walang multong naka-blush on!"**

"'Tse!" bulalas ni Barb saka lumingon sa 'kin. **"Oh, sige na, hindi na kami mangungulit. Kilala kita, alam kong magkukwento ka kapag handa ka na,"** bumuntong-hininga siya saka lumapit upang yumakap sa 'kin. **"Hindi ko alam kung paanong sasabihin na masaya ako na makitang...well, buhay ka,"** tatango-tangong aniya.

Halos lahat sila ay ganoon ang sinabi. Nararamdaman at nakikita ko naman na totoong masaya silang makita ako. Kahit na sino sigurong nalamang patay na ako ay ganito ang mararamdaman at magiging reaksyon. Kailangan ko na yatang sanayin ang sarili ko. Dahil paniguradong pare-pareho lang sila ng magiging reaksyon.

Maliban kay Sensui...

Nang dahil sa naisip ko ay gusto kong madaliin sa pagse-serve ng alak ang mga tao. Pero maging sina Manyur at Bri ay gano'n ang reaksyon nang makita ako. At bukod sa kanila ay may mga regular customers na halos magtakbuhan pa matapos akong makita. Gano'n pala talaga karami ang nakaalam ng balita. Gusto kong balikan si Heurt at paulit-ulit siyang sisihin.

Kung hindi kaya nakarating 'yon kay Sensui, magiging ganito kaya kami?

Nanlumo ako. Hindi ko talaga malaman ang gagawin. Ang mga kaibigan kong bakla ay hindi mawala sa harapan ko. Panay ang kuda nila pero tahimik lang ako. Paulit-ulit lang ang iniisip pero walang nabubuong plano kung paanong susuyuin ang nagbinata nang bakla ko.

Hindi ako handa sa ganito. Masiyadong komplikado ang lahat. At hindi ko alam kung may pwesto pa ako sa lugar na binalikan ko.

"Hindi na napapadpad ang mga gwapo mong kaibigan dito, Maxpein," nakalabing ani Barb. **"Nang mawala ka,"** pinakadiinan niya ang sinabi. **"Parang nawala na rin sila. Hindi ko na sila nakikita pa."** Nagkibit-balikat siya. **"Marahil ay busy sa studies pero alam mo 'yon? As in wala na talaga."**

"Busy nga silang lahat," sagot ko sabay tungga sa baso ng alak. **"Kung magkaroon kami ng pagkakataon ay dadalhin ko ulit sila dito."** Wala akong planong ipangako 'yon, dahil hindi ko alam kung matutupad ko.

"Kumusta na kayo ni Deib Lohr? Kayo pa ba? Natagalan ba niya ang panahong wala ka?" deretsong tanong ni Jep. Minsan ay gusto kong pagsisihang naging kaibigan ko siya. Dahil sa ganoong ugali niya.

"Hindi ko nga alam, eh," sagot ko nang nakababa ang tingin. Hindi ko sila magawang tingnan. Gusto kong sabunutan ang sarili ko. **"Hindi ko alam kung ayos ba kami pero mukhang hindi."** May kung anong kirot sa puso ko.

Muling bumuntong-hininga si Jep. **"Hindi man ako 'yong nasa sitwasyon niya nang mga panahong 'yon, nasisiguro kong abot-langit ang paghihirap no'ng gwapong 'yon. Mas ikinagulat ko ngang buhay pa siya,"** nakangiwi ngunit seryosong aniya. **"Kung iba 'yon ay baka nag-suicide na."**

"Ang balita namin ay magpo-propose sana 'yon sa 'yo," ani Boy.

Nagtanguan ang mga bakla. **"At bongga raw talaga ang inihandang proposal sa 'yo,"** ani Beka. **"Inarkila ng lolo mo ang buong Tagaytay, muntik nang magdiwang maging ang Laguna...ang kaso ay hindi ka dumating? Ang masama pa no'n ay biglang patay-patayan ang eksena mo."**

"Ang sabi ni Naih ay walang nakakaalam kung ano ang totoong nangyari sa iyo," malumanay na ani Barb. **"Lahat kami ay tinatanong siya kung ano ang ikinamatay mo, wala siyang masabi. Wala raw siyang alam. Panay rin ang iyak ng babaitang iyon, kaya paniguradong gano'n nalang ang atungal niyong boyfriend mo."**

Hindi ko alam kung saan ko sisimulan ang paliwanag, o kung may saysay pa bang magsalita ako. Mas nangingibabaw sa 'kin ang kagustuhang makapagpaliwanag kay Sensui, sa susunod na lang siguro ang iba pa. Pakiramdam ko ay hindi niya ako maiintindihan, nasanay akong hindi idinidetalye ang lahat. Pero ang alinlangan ko ay sinasabing ayos lang namang malaman niya ang lahat dahil nakatungtong na siya sa lugar namin.

Tutal mukhang kahit hindi ako magkwento ay may ideya na itong mga kaharap ko. Sa nalalaman nilang ugali ko, paniguradong nahulaan na nilang kaya ako narito ay pinoproblema ko si Sensui. Nasisiguro kong inaasahan na nilang ganito ang magiging sitwasyon ko.

"Magpasalamat na lang tayo na hindi pala ganoon ang nangyari, na buhay si Maxpein," ani Jep matapos ang mahabang katahimikan. **"Eh, iyong si Lovemir? Wala na talaga?"** malungkot niyang dagdag.

Bigla ay may kung anong lungkot na bumalot sa puso ko nang maalala ko ang mga huling sandaling nakausap ko si Lovemir. Tandang-tanda ko ang hitsura niya, kung paano siyang nahihirapan nang huminga. Paulit-ulit niyang sinabi sa 'kin na maayos ang lagay ng puso niya at handa siyang i-donate 'yon kay Sensui. Hindi ko rin makakalimutan kung gaano katindi ang pagmamatigas ko nang sandaling iyon. Ayaw ko siyang pakitaan ng awa, kahit na iyon na lang ang nararamdaman ko nang oras na 'yon. Ayaw kong ipaalam sa kaniyang wala akong balak patagalin ang galit sa dibdib ko, kahit na nang sandaling makita ko pa lang ang sitwasyon niya ay napatawad ko na niya. Maski pasasalamat ay hindi ko magawang sabihin sa kaniya. Hindi ko na halos makilala ang sarili kong iyon ngayon. Dahil sa sandaling ito palang ako nagsisisi. Na sa huling pagkakataon, hindi ko man lang naipakita sa kaniya ang awa na tunay kong naramdaman. Na hindi ko man lang napagaan ang naramdaman niya sa pamamagitan ng pagpapatawad. Na hindi ko man lang siya napasaya kahit sa huling sandali gamit ang mga salita ng pagpapasalamat. Napakasama kong tao. Walang dahilan para gawin kong lahat 'yon, pero ginawa ko. At wala nang paraan para magawa ko ang mga ito.

"Huy," dinunggol ako ni Boy. **"Si Lovemir daw."**

"He's dead," iwas tingin kong tugon. **"Siya ang heart donor ni Deib Lohr."**

"What?" sabay-sabay nilang tugon, nagugulat.

Napatingin ako sa kanila at doon lang naalalang bukod sa 'min ng pamilya ko ay wala nang ibang nakakaalam ng tungkol doon. Pero ano pa

ang saysay kung magsisinungaling ako? Wala na si Lovemir. Maayos na rin ang lagay ni Sensui.

Napakarami nilang tanong, pili lang ang sinasagot ko. Hindi iyon ang ipinunta ko ro'n kundi ang uminom. Naintindihan naman nila ako. Pero pinili nilang manatili na lang sa tabi ko. Magkwentuhan man sila nang kaniya-kaniya ay alerto sila sa mga kilos ko. Binabantayan ako.

Kayabangan mang matatawag pero hindi ko kailangan ng anumang advice sa ngayon. Nakakabaliw isipin na hindi ko malaman ang dapat kong gawin pero alam ko ang gusto kong gawin. Alam ko ang dapat kong sabihin pero hindi ko alam kung paano iyong isasatinig. Nakakaloko.

"Kaya mo bang umuwing mag-isa?" nag-aalalang tanong ni Barb. **"Nakainom ka, at mukhang may tama na."**

"Ihatid mo na lang iyang anak mo, Barb," ani Jep.

"Maigi pa nga," ani Boy. **"Baka mapaano ka, bakla!"**

"Ayos lang ako," matino kong sabi saka sumakay sa motor ko. **"May pupuntahan pa ako, eh."**

Mataman akong tiningnan ni Barb saka umiling-iling. Mukhang nahulaan niya na ako. **"Mag-ingat ka, okay?"**

Ngumisi ako. **"Ako pa ba?"**

Nagbabanta ang mga tingin nila, para bang mas mapapahamak ako sa mga kamay nila kung may mangyari man sa 'king masama. Natatawa akong tumango saka binuksan ang makina ng motor ko. Nginisihan ko sila at kinawayan bago ako tuluyang umalis.

Mabagal ang pagpapatakbo ko, hindi dahil sa nahihilo ako o dahil sa tama ng alak sa katawan ko. Kundi dahil sa pag-iisip kung paano kong haharapin si Sensui nang ganito ang sitwasyon ko. Apektado man sa alak, nakapag-iisip pa rin naman ako nang tama. Hindi ko alam kung ano ang sasabihin ko. Mas lalong hindi ko alam kung gising pa siya, pasado alas kwatro na nang umaga.

"Ito pa rin kaya ang number niya?" mahinang tanong ko matapos pumarada sa harap ng bahay nila. Napapabuntong-hininga kong tiningala ang bintana sa kwarto niya. Nakapatay ang ilaw, inaalisan ako ng pag-asa.

Sinubukan kong i-dial ang numero at nabigo ako. Hindi na iyon ang numero niya ayon sa voice record sa kabilang linya.

Sumandal ako sa motor ko at muling bumuntong-hininga. Pinakatitigan ko ang numero niya habang panay ang pagtapik ng mga daliri ko sa headlight. Alam ko ang gagawin, kakausapin ko siya, ngunit sa sitwasyong

iyon ay hindi ko alam kung paano 'yong mangyayari. Kung pwede lang sanang pasukin ko ang bahay nila.

Nanatili ako ro'n nang paulit-ulit na sinasabi sa sariling alam ko ang gagawin, na kakausapin ko si Sensui. Pero ilang minuto na ang lumipas ay gano'n pa rin ang sitwasyon ko. Nakatayo, nakaupo, o hindi kaya naman ay nakasandal sa motor at nakatingala sa blangkong bintana. Wala akong magawa.

Hanggang sa unti-unti nang kainin ng liwanag ang paligid, nananakit na ang leeg ko sa katitingala sa blangkong bintana, nangangalay na ang mga binti at hita ko sa katatayo, nanunuyo na ang lalamunan ko at naghahanap nang inuming malamig. Wala pa rin akong nagagawa.

Ngunit para sa 'kin nga yatang talaga ang sandaling iyon dahil tatalikod na sana ako nang bigla ay bumukas ang ilaw sa kwarto ni Sensui. Mas maliwanag pa sa paligid ang pag-asang nabuhay sa dibdib ko. At kikilos na sana ako nang biglang bumukas ang pinto sa 'baba at lumabas si Manang. Kung ano-anong hangin ang nagpaikot-ikot sa loob ng katawan ko.

"Manang," pagbati ko.

"Mahabaging Diyos!" nasapo niya ang dibdib sa gulat. **"Maxpein?"** hindi makapaniwalang aniya, dahan-dahang naglalakad papalapit sa akin. **"Ikaw nga!"**

"Magandang umaga, Manang," pilit ang naging ngiti ko. Inaasahan ko nang magugulat siya.

Napapalunok siyang tumitig sa 'kin, pinakalma ang sarili saka ako dali-daling pinagbuksan ng gate. **"Tumuloy ka, aba'y mahamog diyan!"**

"Gising na ho kaya si Deib?"

"Oo, nakaligo na nga ang isang 'yon. Papasok na siya sa trabaho," nakangiting ani Manang. **"Sabayan mo siyang mag-agahan, halika!"**

Napalunok ako. *At amoy alak ako, perfect.* Noon palang ay parang gusto ko nang mahiya, gusto ko nang umurong. Paano ko siyang haharapin sa gano'ng hitsura at sitwasyon? Nakainom, puyat at...brokenhearted.

"Kumusta? Kaytagal nating hindi nagkita, ah?" tanong ni Manang, halos ipagduldulan ako papuntang kusina. **"Naku, matutuwa ang mag-asawa kapag nakita ka!"**

Bigla akong napabaling sa kaniya. **"Sino hong may asawa?"**

Natawa siya matapos magulat. **"Aba'y eh, di iyong mga manugang mo!"**

Natigilan ako at saka pilit na tumawa. **"Nasa'n ho sila?"**

"Tulog pa, kami pa lamang ni Deib Lohr ang gising. Maaga kasing pumapasok ang isang iyon, kailangan kong ipagluto ng agahan at nasasanay nang pumasok nang hindi kumakain."

Hindi ko maipaliwanag ang pakiramdam. Para akong naninibago nang kinakabahan. Para bang napakarami ko nang hindi alam. Ngayon ko lang nararamdaman ang ilang taon na dumaan.

"Maghintay ka na muna rine at tatawagin ko na si Deib Lohr, bihis na iyon," nakangiting aniya saka ako iniwan.

Nasundan ko siya ng tingin sa sobra kong kaba. Lalong hindi ko na malaman ang gagawin oras na magkaharap kaming dalawa. Hindi ko na alam kung ano ang sasabihin, maging ang reaksyon. Kahit pa kanina ay paulit-ulit kong sinabi sa sarili kong alam ko lahat, kahit pa pakiramdam ko ay kaya kong lahat.

Noon ko lang yata ulit naramdaman ang napakahabang sandali. Nang hintayin kong makababa ulit si Manang kasama na si Sensui.

Talaga namang tumindi ang kalabog sa dibdib ko nang marinig ko ang mga yabag ni Manang habang nagsasalita. Nasisiguro kong kasabay niya nang bumaba si Sensui. Dahil malayo pa lang ay nalalanghap ko na ang panlalaking pabango na bago sa pang-amoy ko.

"Aba'y nasisiguro kong magiging maganda ang umaga mo," dinig ko pang ani Manang bago ito tuluyang makapasok muli sa kusina. Wala akong nadinig na tugon kaya naman bigla akong napalingon.

Wala sa sariling napatayo ako nang magtama ang paningin namin ni Sensui. **"Good morning,"** wala rin sa sariling bati ko.

Bahagyang nangunot ang noo ni Sensui. **"Maxpein."** Sa tinig niya ay halatang hindi niya inaasahang makikita ako, hindi marahil sinabi ni Manang.

Ngunit hindi ko rin inaasahang tatawagin niya ako sa pangalan. Kakatwang nakuha ko pang makaramdam nang paninibago, samantalang ilang taon ang hinayaan kong lumipas.

Maxpein... Noon ko lang narinig nang ganoon kalamya ang pangalan ko galing sa bibig niya. Walang dating. Walang emosyon. Wala lahat. Parang isang basta-bastang pangalan lang 'yon. Naghangad akong tawagin niyang Taguro. Sa paraang may emosyon na siya lang ang nakagagawa at nakapagbibigay.

"Good morning," muling bati ko. Napakaganda ng pagkakangiti ni Manang habang nagpapalitan ng tingin sa 'ming dalawa. Para bang sa 'ming

lahat na nandoon ay siya ang pinakamasaya sa aming pagkikita.

"Have a seat," itinuro ni Sensui ang silya ko saka siya naupo sa harap ko. **"What are you doing here?"**

'Ayun na ang tanong na iyon. Inaasahan ko naman na pero hindi ko napaghandaan kung paanong sasagutin. *Ano ang sasabihin ko?* Matagal akong napatitig sa kaniya, hindi malaman ang sasabihin. Nalilito naman akong tinitigan ni Sensui. Habang si Manang ay nakangiti ring naghihintay sa isasagot ko, sa pag-uusapan namin.

Nang rumehistro ang pagkainip sa mukha ni Sensui ay saka ako napilitang magsalita. **"Kukumustahin lang kita,"** pahina nang pahina kong sabi.

Tumitig pa siya sa 'kin saka bumuntong-hininga. Nagsimula siyang sumandok ng pagkain. **"I'm fine, how about you?"** hindi siya nakatingin sa 'kin.

Napatingin ako kay Manang at mukhang nakuha niya ang gusto kong iparating. Nakangiti siyang nagpaalam sa 'min saka ako muling bumaling kay Sensui na noon ay nagsisimula nang kumain. **"Ayos naman ako."** Matapos sabihin iyon ay hindi ko na alam ang idurugtong. Wala akong nagawa kundi ang pagsilbihan na lang din ang sarili ko. At talaga namang sinadya kong damihan ang pagkuha ng pagkain, iyong hindi ko sigurado kung mauubos ko. Gusto ko nang matagal na oras para makausap siya.

"Kumusta? Nag-aaral ka pa?" kaswal na tanong niya.

Hindi ko maintindihan kung saan nagmula ang malamig na hanging biglang umihip sa pagitan namin. Hindi ko masabing cold ang pakikitungo niya. Pero nakakapag-alala ang pagiging kaswal niya. Para bang wala nang dating ang presensya ko sa kaniya.

"Medicine," kaswal ko ring sagot.

Tumango-tango lang siya saka itinuon ang paningin sa pagkain. Nang sandaling iyon ay dagli akong nag-isip ng sasabihin. Kailangang may mapag-usapan kami. Dahil sa hitsura niya ay mukhang wala na siyang balak pang magsalita. Para bang naroon na lang siya para tapusin ang pagkain at nang makaalis na. Para bang sa sandaling iyon ay wala nang importante sa kaniya kundi ang trabaho.

"Ang balita ko ay may sarili ka nang kompanya?" Sumubo ako ng bacon matapos itanong 'yon.

"Narinig mo sa Chairman Enrile 'yan panigurado?" sa tono niya ay batid kong nakangisi siya. **"Yeah, galing sa kaniya,"** kaswal niyang sagot.

"Mukhang napapatakbo mo nang tama ang kompanya," sinulyapan ko siya. Tutok talaga siya sa pagkain. Dahil maging ang paghimay ng kung anong dahon ng gulay sa plato niya ay pinakatitigan niya. **"I'm proud of you."** Kung saan nagmula ang linyang 'yon ay hindi ko alam. Naramdaman ko lang na kailangan kong sabihin 'yon dahil gaya kanina, mukhang wala siyang balak na magsalita.

"Thanks," ang tanging isinagot niya.

Napalunok ako. *Naghihintay lang siguro siya na dumeretso ka sa punto mo, Maxpein.* **"Gusto sana kitang kausapin,"** mayamaya ay sabi ko, deretso nang nakatingin sa kaniya.

Nag-angat siya ng tingin at sumenyas. **"Go on."**

Napatitig ako sa kaniya, nagsisimula ko nang maramdaman ang panlalamig niya. **"I'm..."** Humugot ako nang malalim na hininga para magkaroon ng lakas ng loob. Pero mukhang mas nanghina ako. **"I'm sorry,"** kunot-noo kong sinabi.

Tumitig lang din siya sa 'kin, walang nagbago sa reaksyon niya. Inilapag niya ang tinidor at sumandig sa silya. Pinagkrus niya ang mga braso at bumuntong-hininga. Ginawa niyang lahat iyon nang hindi inaalis ang paningin sa 'kin.

"You're forgiven," hindi ko inaasahan ang sagot niya.

Napamaang ako at mas napatitig sa kaniya. Hindi ko maintindihan kung bakit gano'n ang pakiramdam. Masakit. Nanunuot ang sakit, at animong hinuhugot ako paibaba sa kinauupuan ko.

Wala sa sarili kong napangiti. **"Gano'n kabilis?"**

Nakangiti siyang nagkunot-noo. **"Ang alin?"**

"Napatawad mo na agad ako?"

Bahagya siyang ngumiwi. **"Sa pagkakakilala ko sa iyo ay hindi gano'n kadali para sa iyong humingi ng tawad. Hindi mo naman inaasahang magpapasalamat pa ako?"** binalot siya ng sarkasmo.

Naiiwas ko ang tingin sa pagkapahiya. **"Hindi naman sa gano'n."**

"I can't hate you, Maxpein," sinsero niyang sinabi, muling nagtama ang paningin namin. Seryoso siya bagaman nakangiti. **"That's why I forgive you,"** dagdag niya. **"Thanks for that experience anyway."** Muli siyang nagtuloy sa pagkain.

Natulala ako sa kaniya at hindi na nakapagsalita. Hindi ko na rin nagawang kumilos. Pakiramdam ko ang iilang salitang sinabi niya ay mga pako na isa-isang bumabaon sa 'kin. Mula sa balat hanggang sa dibdib.

"Are you done?" mayamaya'y tanong niya, nang hindi ko mamalayan ang paglipas ng sandali dahil sa malalim na pag-iisip. **"Mukhang hindi mo ginalaw ang pagkain mo?"** aniya nang tumayo at sulyapan ang plato ko.

Aligaga akong nag-angat ng tingin sa kaniya saka sumulyap sa plato ko. Doon ko lang naalala na iyong kalahating bacon ang tanging naisubo ko.

"You can stay here and finish your food," nakangiting aniya saka dinampot ang coat niya. **"I have to go to work."**

Hindi ko alam kung paano ko pa nakuhang paganahin ang sira kong imahinasyon. Dahil sa sandaling iyon pakiramdam ko ay mag-asawa na kami. At sinasabi niya iyon sa malambing na paraan.

How I wish...dream on, Maxpein. Aligaga akong kumilos. **"Sasabay na 'ko sa 'yo."**

Sinulyapan niya ang pagkain bago ako. **"Gusto mo bang ihatid kita sa inyo?"** kaswal niyang tanong, hinintay pa akong makalapit.

Natigilan ako at napatitig sa kaniya. Naninibago ako. *Paano niya nagagawang itanong 'yon nang gano'n kanormal? Paano niya ako napakikisamahan na parang wala lang?* **"May dala akong motor,"** mahina kong tugon.

Tumango siya. **"Okay."** Nakangiti niyang isinenyas ang daan sa 'kin at ngumiti. Sandali pa akong napatitig sa kaniya bago nagmartsa papalabas ng pinto.

Bumibigat ang pakiramdam ko. Hindi ko na kasi masabing malamig siya dahil sa galit. Pakiramdam ko ay ako na lang ang nag-iisip at nakararamdaman nang ganoon. At sa kaniya ay wala na lang lahat.

"Oh," sinalubong kami ni Manang. Nagtataka siyang nagpapalit-palit ng tingin sa 'min. Mukhang gaya ko ay hindi niya inaasahang magiging ganito kabilis ang pagsasama namin. Dahil sa pagkakakilala ko kay Sensui, paniguradong hindi niya hahayaang umalis agad ako.

"Papasok na 'ko, Manang," ani Sensui. **"Uuwi na si Maxpein."** Napapikit ako nang muling marinig ang pangalan ko. Wala akong maramdaman doon, malayo na sa paraan niya nang pagtawag noon.

"Oh, sige," mabagal ang naging pagsagot ni Manang. Malungkot siyang tumingin sa 'kin.

Napabuntong-hininga nalang ako at pilit na ngumiti sa kaniya. **"Salamat, Manang. Mauuna na ako."**

"Dadalaw ka pa naman dito, hindi ba?" halos ibulong iyon ni Manang.

Awtomatiko akong napasulyap kay Sensui. Inosente naman siyang lumingon sa 'kin at ngumiti. Mukhang hindi niya pansin ang sinabi ni Manang. Nakita ko nang palihim siyang sumulyap sa relos at nababagot na nagbaba ng tingin.

"Sige, Manang," pilit pa rin ang ngiti ko.

"Mag-ingat kayo." Pinilit ding ngumiti ni Manang habang kumakaway sa 'min.

Tumuloy kami papalabas ni Sensui. **"It's nice to see you again, Maxpein,"** aniya matapos lumapit sa pinto ng kotse.

Talagang hindi man lang siya mag-aabalang ihatid ako sa kabilang linya ng kalsada kung saan nakaparke ang motor ko. Umasa akong gagawin niya 'yon, kahit papaano. Napatitig ako sa kaniya at hindi ko na maipaliwanag pa ang emosyon. Hindi ko pa nasasabi ang gusto kong sabihin. Pero pakiramdam ko ay wala nang saysay sa kaniya ang anumang ipaliwanag ko.

"Ah," usal niya, muling tumingin sa relos niya. Hindi ko pa rin magawang alisin ang tingin ko sa kaniya. **"I really have to go, I'm sorry,"** mahinang aniya.

Doon ako nag-iwas ng tingin saka tumango. **"Take care,"** mahina kong sabi saka muling nag-angat ng tingin sa kaniya.

"I'm sorry," sinsero niyang sinabi, tipid ang ngiti. At kahit hindi niya dugtungan ang sinabi ay nagawa niyang iparamdam sa 'kin na ang mga salitang iyon ay dahil batid niyang gusto ko pa ng oras niya, pero hindi niya na iyon maibibigay pa.

"It's okay," napapahiya kong sabi. Inangat ko ang kamay ko at kumaway, saka namulsa. Pinanood ko siyang sumakay sa kotse at magmaniobra. **"You seem fine without me, Deib Lohr,"** bago ko pa mapigilan ang sarili ko ay nasabi ko na iyon. Bigla ay gusto kong magsisi at lumayo.

Natigil siya sa ginagawa at inosenteng nag-angat ng tingin sa 'kin. Pigil ko ang hininga habang nakalapat ang mga mata namin sa isa't isa. Ang kaba sa dibdib ko ay mas pinatitindi nang pananahimik niya. Ang hiya ko ay mas lumalalim dahil halatang hindi niya inaasahan ang sinabi ko. At masakit makitang hindi siya apektado.

"I should be," mahina niyang sagot. Matamlay ang kaniyang pagkakangiti. **"This is how I should be, Maxpein."**

Dumaloy ang lungkot ang sakit sa bawat ugat sa aking katawan. Mula sa sulok at kaliit-liitan hanggang sa pinakamalaking tubo papunta sa puso ko.

Madiin na madiin na sakit.

Naghahangad ako nang higit pa ro'n. Gusto kong tanungin niya ako, bukod sa pangungumusta. Gusto kong alamin niya ang nangyari sa 'kin, bukod sa pagtingin sa 'kin sa kasalukuyan. Gusto kong magalit siya, kung kinakailangan. Gusto kong manatili kaming magkasama at pag-usapan ang lahat, at kalimutan ang iba niyang gagawin pa. Gusto kong maging maayos kami, kahit anong hirap pa. Pero mukhang lahat nang iyon ay imposible na.

"I really have to go, Maxpein," aniya, nahihiya. Hindi niya ako itinataboy pero kailangan niya na talaga akong iwan.

"Drive safely, Deib Lohr," masakit sa 'kin na tawagin siya sa pangalan, nakakatawa.

Sandali niya pa akong tiningnan, at hindi ko inaasahang pagsasarhan niya ako ng bintana. Nakakabastos, lalo akong napahiya. Para bang walang saysay ang pagpunta ko ro'n, hindi na dapat ako nagpunta ro'n. Dahil maayos na daraan ang araw niya kahit na hindi kami magkausap ngayon, o sa mga susunod pang araw.

Nanlulumo akong bumaling sa motor ko at sumakay. Halos habulin ko siya, handa akong ipahiya muli ang sarili ko. Pero muli lamang akong nanlumo nang hindi man lang siya nag-abalang businahan ako matapos akong lampasan. Imposible kasing hindi niya ako nakita, walang sasakyan sa likuran at gilid niya bukod sa 'kin. Tuloy ay hindi ko maiwasang isipin na nakita niya ako nang gabing iyon at piniling bale-walain. Talagang masakit.

Gusto kong huminto at magmukmok sa isang lugar. Pero naaamoy ko na ang sarili ko. Sinasakop na ng alak ang buo kong katawan. At nakakapanibagong hindi man lang iyon naamoy ni Sensui gayong lahat sa 'kin ay napapansin niya, nakikita at naaamoy pa.

Wala akong nagawa kundi ang dumeretso sa bahay. Halo-halo ang laman ng isip ko, kakatwang lahat 'yon ay tungkol kay Senusi. Ngunit wala akong oras para maging emosyonal dahil nakasimangot na mukha ni Maxrill ang sumalubong sa 'kin.

"Come and play with me, *Noona,*" aniya, mukhang wala sa wisyo. **"Let's go."** Sinubukan niyang sunggaban ang braso ko.

"Nakainom ako, tumabi ka," dumeretso ako papasok.

"Still you're expecting me to fight like you?" habol niya.

"What?" singhal ko.

"What the hell am I doing in this house? I'm supposed to be practicing right now!"

"Then practice!" Inis kong itinuro ang pinto ng practice room. **"Do whatever you want, boy!"**

"You're supposed to train me, *Noona*!"

"I'm drunk!"

"No, you're not!"

"I am!"

"You're brokenhearted, not drunk, come on."

"Shut up." Sinamaan ko siya ng tingin. **"Tawagin mo si Maxwell."**

"He's..." Luminga siya sa loob ng bahay. **"Maybe dead."**

Napamaang ako. **"Nasa'n ang lolo mo? Bakit hindi siya ang tawagin mo?"**

"He's old, and he can't beat me."

Ngumisi ako. **"Ah,"** mayabang akong tumango. **"At sa tingin mo ay matatalo mo 'ko?"**

"Try me." Ngumisi siya.

Sinamaan ko siya ng tingin. *Hindi ako titigilan ng abnoy na 'to, eh.* Kumuyom ang palad ko at hindi 'yon nakaligtas sa kaniyang paningin. Kaya naman bago pa 'ko nakatama ay umilag na siya. Para kaming mga lasing na nagpapang-abot papunta sa practice room. Panay ang damba ko ngunit gano'n kabilis niya ring nasasangga ang kamay ko. Para kaming sumasayaw dahil sa parehong galaw ng mga galamay at katawan namin. Sumuntok man ako ay siyang sangga niya. Kapag sumipa naman siya ay siya ring atras ko. Ang depensa ng bawat isa ay may kasunod na pagganti, na naiiwasan din naming pareho. Nakakaloko.

"Oh, my god! What are you doing! Stop it, both of you!" nangibabaw ang matining na tinig ni Yaz. Walang lumingon sa 'min sa kaniyang gawi. Pareho kaming abala ni Maxrill sa ginagawa. Dahil isang kurap o tingin na malingat, may tatamaan.

Nakangisi kong sinipa ang pinto ng practice room at tinadyakan siya sa dibdib upang makapasok. Gumulong siya patalikod, at ganoon niya rin pinatayo ang sarili. Umikot ako papalapit sa estante at pagharap sa kaniya ay may hawak na akong yantok.

Ibinato ko ang isa sa kaniya ngunit nasa ere pa lang ang yantok ay sumugod na siya at sinambot 'yon. Kung ano-anong ekshebisyon pa ang ginawa niya sa ere bago tahimik na lumapag sa harap ko. Tumingala siya sa 'kin at binigyan ako nang pagkayabang-yabang na tingin. Umiling ako at kaswal siyang tinuktukan gamit ang hawak kong yantok. **"Hintayin mong**

sumugod ang kalaban mo, 'wag kang basta nangunguna, timang," angil ko. Kakaiba rin ang kulo ng yabang sa kaniyang dugo, may pagpapasikat na halo. Wala naman sa lugar.

"*Noona*!" nag-aamok na pagtawag niya nang talikuran ko siya.

"Tsk," hinarap ko siya at binigyan ng nayayamot na tingin. **"Nahihilo ako, masiyado kang malikot maglaro."**

"That's what you taught me!"

Mangha akong napamaang sa kaniya. **"Shut up!"** angil ko. **"Natatandaan ko pa ang mga itinuro ko sa 'yo, napanood ko rin ang mga ensayo mo, Maxrill."** Sumeryoso ako. **"Hindi kasama sa mga 'yon ang kung ano-anong demonstrasyon mo ere. Hindi mo kelangang mag-exhibition, Maxrill. Kumakain 'yon ng oras."**

"What's going on here?" aligagang pumasok si Yaz.

Paismid ko siyang sinulyapan saka ibinato ang yantok. **"Kayo ang maglaro."**

Gulat na sinalo iyon ni Yaz. **"Ano?"**

"Nababagot ang kapatid ko, kailangan niya nang matatalo," pagyayabang ko kay Maxrill.

"Huh? Matatalo? Sino?" inosenteng ani Yaz, inihahanda ang sarili.

Nagkibit-balikat ko. **"Definitely not me."** Naglakad ako papalapit sa pinakamalapit na couch at nahiga.

"Ah, so sinasabi mong ako?" mataray na ani, Yaz.

"Ikaw ang nag-isip niyan," nakapikit akong ngumisi.

"Can't you keep your noise and disturbance to a minimum?" Bigla ay nangibabaw ang tinig ni Maxwell mula sa kung saan. Nagmulat ako ng isang mata habang ang braso ko ay nananatiling nakapatong sa aking noo. Nandoon siya sa mezzanine loft ng practice room, mukhang nakatulugan niya ang sobrang pagmamahal sa mga libro. At nagising na lang nang dahil sa ingay.

"Come and join us, *Hyung,"* masayang ani Maxrill. Pumikit ako at binale-wala na ang mundo.

"No, thanks," sa tinig ni Maxwell ay halatang nakangisi siya. **"You're way better than me, young man,"** nang-aasar niyang sinabi.

Nakapikit akong nagkunot-noo. *Bakit kailangang may diin ang better? Tss. Hindi pa rin ba siya naka-move on do'n? Tanga ang king ina.*

"Hey," matapos ang sandaling katahimikan ay may sumipa sa payapang kinahihigaan ko, kasabay ng tinig ni Maxwell. **"If you want to sleep, go to**

your room."

Grabe magpapansin 'to, tsk tsk. Inis akong bumangon at sinamaan siya ng tingin. **"Still jealous?"** pabulong na asik ko.

"What?" inis niya ring angil. Sinulyapan sina Maxrill at Yaz na noon ay mukhang nalilibang na sa pag-eensayo. **"Why would I be jealous?"**

"Tss." Inirapan ko siya saka sinipa ang couch. **"Because I'm able to sleep absolutely anywhere I want."** Ipinaramdam ko na hindi tao kundi sofa ang tinutukoy kong pinagseselosan niya. **"Kung ano-ano kasing iniisip,"** bulong ko. Pasiring kong inalis ang paningin sa kaniya saka ako nagtuloy papalabas.

"You're coming with us, right?" habol ni Maxwell, naniniguro.

"Where?"

"You know where," nag-iwas siya ng tingin. Alam kong Palawan ang tinutukoy niya.

"Alam mong inaasikaso pa ang mga papel ko dito," angil kong muli. Ang inaasahan ko ay makakatulog na ako. Mukhang magkakaroon ako ng problema sa pagpapatuloy sa Medisina. May mga subject course kasi sa ibang bansa na hindi pa kalakip sa course description ng Pilipinas. Pinoproseso ng BIS ang mga papel ko para malaman kung make-credit ang mga subjects na kinuha ko sa America. Kung hindi man ma-approve ang mga natapos ko, kailangan kong bumalik sa Nursing upang i-take ang ilang subjects.

"Sinabi na ng dean, matatagalan ang papers mo. You still have some time to come with us."

"Ilang buwan pa ba ang hihintayin ko?" inis na singhal ko.

"Matatagalan nga, matigas kasi ang ulo mo." Inilingan niya ako.

"'Yang ganiyang ugali mo ang nagpapapangit sa 'yo. Ulo ko ba ang aasikaso sa mga papeles na 'yon at doon nakadepende ang tagal ng proseso? Tss. Tumabi ka nga," tinabig ko siya at saka ako dumeretso paakyat.

"Si Deib Lohr ang kinuha kong engineer," pahabol niyang sinabi dahilan para matigilan ako sa paghakbang. **"At pumayag siya. So he'll be there too."**

Awtomatiko akong napalingon sa kaniya saka ngumisi. **"Ano kaya kung magpatayo rin ako ng sarili kong ospital?"**

Ngumiwi siya. **"You're desperate."**

Nagkibit-balikat ako. **"That person deserves my desperation."**

Ngumisi siya. **"Feed your pride and ego,"** saka siya umiling, nang-aasar.

"Again, you're jealous," nakangisi ko ring sinabi. Sumeryoso siya. **"I bet you probably wish you had a lovelife of your own, don't you, big brother? Well, we can't all be this fortunate. You're less,"** hinalakhakan ko siya.

Dinilaan niya ang sariling labi at kinagat, naiinis. **"Go to your room."** Itinuro niya ang 'taas.

"You can't change what's going on around you, kuya," pinakadiinan ko ang huling salita, nang-aasar. **"You better start changing what's going on within you."** Hindi na sumagot si Maxwell. Hindi na rin ako nagpatuloy pa sa pang-aasar.

HAPON na nang magising ako. Kahit masakit ang ulo ay bumangon ako at naligo. Maingay ang lahat nang makababa ako, abala sa pagkukwentuhan habang naghahanda ng hapunan. Naagaw ko ang atensyon ng lahat, kay Heurt natuon ang paningin ko.

"Hindi ka raw umuwi kagabi?" nakangising tanong niya. **"Ang dinig ko ay nagkita kayo ng Sensui mo?"** aniya sa tonong tsismosang-tsimosa ang dating. Nagtawanan ang pamilya ko, maliban kina Maxrill at Naih.

"Nagkaayos na ba kayo?" nakangiting tanong ni Mokz. **"Hindi ko pa nakikita ang binatang iyon,"** batid kong si Sensui ang tinutukoy niya.

"Hindi pa," tugon ko saka naupo at nagsalin ng tubig. **"Sa ugali no'n ay paniguradong hindi madali ang pagdaraanan ko, Mokz."** Hindi na ako nahihiyang magsalita sa kanila nang ganoon pagdating sa relasyon namin ni Sensui. Hindi naman lingid sa kaalaman nila ang pinagdaanan namin. Bukod doon ay suportado nila ako, at alam nilang mahihirapan akong suyuin si Sensui dahil sa nangyari.

"Pasasaan ba't mauuwi rin iyan sa kasalan," ani Maze.

"Ah, yeah. Ngunit sa tingin ko'y magiging kalabisan kay Maxpein kung hihingi ako ng apo," ani Mokz.

Tinaasan ko siya ng kilay. **"Mukhang kating-kati ka nang ipasa ang trono mo?"** pasinghal kong tugon. **"Tingnan natin,"** mayabang kong sabi.

"Anyway," panimula ni daddy. **"Siya ang kinuhang engineer ni Maxwell sa Maxwell Moon Medical Center."**

Nangunot ang noo ko. **"Para saan nga ba ang engineer diyan sa ospital mo?"** tinunghayan ko si Maxwell. **"Nakatayo na ang ospital, ano pa ang kailangan mo?"**

Alam kong gusto lang ni Maxwell na nandoon din ako. Gusto niyang siya ang maging coach, teacher, at clinical instructor ko bago maging doktor. Dahil para sa kaniya ay wala nang doktor na mas huhusay pa sa kaniya. Kahit hindi niya aminin ay alam kong nakikita niya ang kakayahan at abilidad ko sa larangan ng medisina, kakaiba kaysa normal na estudyante. Kaya kahit alam niyang mahihirapan ako, gusto niyang lalo akong pahirapan sa pamamagitan nang pagsasama sa 'kin kung saan man siya pumunta. Kung siya nga lang ang masusunod ay baka sa Palawan niya na ako patirahin, para lang magkaroon ng personal na exposure sa ospital, at sa BIS pag-aaralin. Minsan niya na kasing isinuhestiyon 'yon nang palihim sa pamilya ko. Gusto niyang mag-eroplano ako araw-araw papuntang Laguna dahil sa Palawan niya ako itititra. Talaga namang katakot-takot na kutsilyo ang inilagan niya nang maasar ako matapos malaman ang tungkol doon.

Nakangising nag-angat ng tingin si Maxwell sa 'kin. Prenteng-prente ang pagkakaupo niya sa dulong silya. Magkakrus ang mga hita at hawak sa isang kamay ang wineglass. **"Para magkaayos kayo."** Humalakhak siya matapos sabihin 'yon.

Sumama ang tingin ko. **"Alam mong hindi ko kailangan ang tulong mo."**

"Really?" puno siya ng sarkasmo. **"Sa tingin ko ay hindi mo kayang mag-isa 'to. He's your weakness."**

"And also my strength, well, ironically. I believe I can handle him on my own, your help isn't needed."

Ngumiwi si Maxwell. **"But he's busy strengthening someone else's feelings, and making that person weak at the same time."** Batid kong si Kim ang tinutukoy niya.

Dinampot ko ang kutsilyo at pinaikot sa mga daliri ko habang nakatingin sa kaniya. **"Parang ang sarap mong asintahin diyan, kuya."**

"Easy," itinuon niya ang siko sa silya at ipinatong sa kamao ang mukha. **"'Wag mong isiping lahat ay para sa 'yo, Pein,"** natatawang bawi niya saka bumuntong-hininga. **"Syempre, kailangan ko ng engineer na bihasa. Magaling si Deib Lohr, at kasalukuyang maingay ang kompanya niya. Gumagawa na siya ng sarili niyang pangalan sa pinili niyang linya."**

"Dati niya nang pangalan 'yon, ano pang pangalan ang ginawa niya? Tss."

Sumama ang mukha ni Maxwell, tila ba ipinapakita kung gaano ako kawalang-kwentang kausap. **"Kailangan ng ilang renovations doon sa hospital building. At kailangan ko rin ng engineer para sa flat building na ipatatayo ko."**

Ngumisi ako. **"Ang flat building na ipinapatayo mo para tirhan ng mga empleyado mo, tama?"**

Kaswal siyang tumango. **"Right."**

"Yaz," tawag ko nang na kay Maxwell ang paningin. Nakita ko kung paanong nangunot ang noo ng kapatid ko. Nilingon ko si Yaz na may inosenteng tingin sa akin. **"I need..."**

"Maxpein?" asik ni Maxwell. Nagsisimula nang matawa ang aming pamilya, natutuwa dahil pinagti-trip-an namin ang isa't isa.

"What, Maxpein?" maarteng tanong ni Yaz.

Nilingon kong muli si Maxwell at nginisihan. **"Nothing,"** tugon ko. **"I need nothing."** Gusto ko lang makita kung gaanong kaapektado ang kapatid ko sa presensya ni Yaz. Alam niya kung ano ang laman ng utak ko.

"Ano nga 'yon?" maarteng ani Yaz, kinikilig.

"Kung sakaling mangailangan ng nurse si Maxwell sa Palawan, pwede ka namang magtrabaho ro'n, hindi ba?" nakangising tanong ko, hindi mapigilan ang pagiging sarkastiko.

"Anything for Maxwell, Pein, you know me," wala pa man ay mukhang kinikilig na si Yaz.

"Tsh, shut up," ani Maxwell saka tumayo at naglakad papalayo.

"Napakasungit mo, Maxwell Laurent!" singhal ni Yaz, natatawa.

Nakangisi siyang nilingon ni Maxwell. **"Because your BIS Hospital is far better than my hospital, Zaimin Yaz."** 'Ayun na naman ang diin niya sa salitang "better".

Bitter. Tss. **"Hindi pa ba luto 'yan?"** nakangiting baling ko kay Heurt. **"Aalis ako, eh."**

"Where are you going?" tugon niya.

"Saan pa ba?" matabang kong sagot sabay iwas ng tingin. Eksakto naman iyong tumama kay Naih, na kung hindi ko nakita ay muntik ko nang makalimutang naro'n din pala. Nag-iwas siya ng tingin matapos ako bigyan ng blangkong ekspresyon.

Napabuntong-hininga na lang ako. Ayaw ko siyang kausapin, hindi dahil sa wala akong pakialam sa kaniya. Sadyang kilala ko lang talaga si Naih.

Kailangang matagal-tagal ang pagpapa-hard-to-get niya. Dahil kung hindi ay hindi na iyon katulad sa mga pelikulang pinagbabasihan niya.

Talangka, pritong isda at pinakbet ang inihanda ni Heurt para sa 'min. Syempre, masaya ang lahat maliban sa 'kin. Ni hindi ko man lang matingnan ang mga galamay ng talangka, at ang mga mata ng isda. Latang-lata kong itinutok ang paningin ko sa sariling plato habang nilalantakan ang napakasarap niyang gulay.

Madilim na nang magpaalam akong lalabas. Plano ko uling puntahan si Sensui. Magbabaka-sakaling sa sandaling iyon ay magkakausap na kami. Umaasang mabibigyan niya ako ng panahon para ungkatin ang lahat nang nangyari.

"Pupunta ka sa bahay nina Deib?" Bago pa man ako makasakay sa motor ko ay nangibabaw na ang tinig ni Naih sa likuran ko. Seryoso siya, kaya naman seryoso rin ako nang tumango. **"Wala siya sa bahay nila. Nandoon sila nina Lee sa TiMug,"** dagdag pa niya. **"Birthday bukas ni Tob kaya lumabas silang magkakaibigan ngayong gabi."**

Doon ko lang naisip na pub ang lugar na tinukoy niya. Hindi pamilyar sa 'kin ang TiMug na sinasabi ni Naih. Posibleng bago lang 'yon pero para puntahan ng tatlong magkakaibigan 'yon, paniguradong kilala na rin dito.

"Pupunta rin ako ro'n," patuloy niya saka nag-iwas ng tingin. She's so cold. **"Gusto mo bang sumabay?"**

May kung anong umalon sa dibdib ko. **"Sige,"** palihim akong ngumiti, hindi niya nakita.

Pinanood ko si Naih na sumakay sa motor niya at iatras 'yon papalapit sa 'kin. Sa unang pagkakataon ay nagpasensya akong hintayin siya sa mga orasyon niya bago makapag-helmet at magbukas ng makina. Hinayaan ko rin siyang pangunahan ang daan bago ako tuluyang sumunod sa kaniya.

Tutok man sa daan ang paningin ko ay panay ang sulyap ko kay Naih. Nami-miss ko na siya. Pero nahihigitan nang pananabik ko kay Sensui ang kagustuhan kong makasama siya. Pakiramdam ko ay prayoridad ko si Sensui. Ang makausap siya at ang makipag-ayos sa kaniya ay para bang napakabigat na responsibilidad sa buhay ko. Tila karugtong ng paghinga.

Hindi nga ako nagkamali dahil ang TiMug ay doon din sa Laguna. Hindi man kasinglapit ng TB, malapit lang din iyon sa mga university at international schools. Hindi na ako nagtaka nang makita kung gaano karami ang tao nang makarating kami.

Malaki ang lupa na kinalulugaran ng pub na 'yon. Nasa gitna ang TiMug habang nakapalibot naman dito ang parking lot. Sa sandaling iyon ay naiisip ko ang epekto niyon sa TB na ngayon ay buo nang pag-aari ko. Pero hindi 'yon ang mahalaga ngayon, dahil iba ang ipinunta ko rito.

Tahimik akong naghihintay na makapagbaba ng motor si Naih nang mapansin kong may dala siya. Napailing ako nang maisip na regalo niya 'yon kay Tob. Gusto kong mahiya dahil halatang si Sensui ang pakay ko.

"Sana pala nagdala ako kahit chocolates para kay Tob," napapahiyang sabi ko nang magsimula kaming maglakad. May ilang metro ang layo ng parking na nakuha namin sa pub.

"Kaldereta 'to," kaswal niyang tugon. **"Ni-request ng mommy ni Tob."**

"I see," tumango-tango ako saka namulsa. Iba ang lamig ng panahong 'yon, nakakapanibago. **"Wala akong regalo."**

"Bukas pa naman ang birthday niya, may oras ka pa."

"Hindi ako imbitado."

"Automatic naman na 'yon," malamig niyang sabi. **"'Yon ay kung kaibigan pa rin ang tingin mo sa kaniya."**

Natigilan ako at napabuntong-hininga. **"Syempre naman. Hindi naman nawala 'yong pagkakaibigan ko sa inyo."**

Hindi na siya nagsalita pa hanggang sa makapasok kami sa pub. Bahagya siyang nangunguna, sinadya kong maglakad sa likuran niya. Hindi ko gamay ang lugar na 'yon at ayaw kong mang-agaw ng eksena.

Hindi naman sa pinapaboran ko ang TB pero walang binatbat ang TiMug. Maganda rin naman ang pub, masasabi kong tambayan iyon ng mga lustay sa pera. Pero hindi gaya sa TB, hindi protektado ang walls nila. Mula sa parking lot pa lang kasi ay nakabibingi na ang ingay. Hindi tulad sa TB na kulob sa loob ang tugtog. Kung customers naman ang pag-uusapan ay hindi nagkakalayo ang bilang ng tao.

"'Ayun sila," itinuro ni Naih ang dulong bahagi ng pub, iyong malapit sa bar island at stage.

Tinanaw ko 'yon at nakita nga agad ang tatlong magkakaibigan. Ngunit hindi ko inaasahang may mga kasama pa sila. Dahil nandoon sina Kim, Migz, BJ at Michiko. Mukhang ako lang ang hindi sinabihan. At ayaw kong isipin na nakonsensya lang si Naih kaya niya ako isinama.

Gusto kong umatras nang sandali pa lang na makita ko ang posisyon nina Kim at Deib. Komportable sila sa pagkakaupo ng isa't isa. Magkakrus ng

pambabae ang mga hita ni Sensui habang ang braso ay nakalapat sa sandalan ng couch. Dahilan para magmukha siyang nakaakbay sa babae. Si Kimeniah naman ay nakahilig ang likuran sa kalahati ng dibdib ni Sensui. Hindi nakaligtas sa paningin ko nang halos maingudngod ni Kim ang mukha sa leeg ni Sensui dahil sa sobrang pagtawa.

Gusto kong lingunin si Naih, pero alam kong hindi ko siya kakampi sa sandaling ito. At ang masakit pa ro'n ay mukhang ayos lang sa kaniya ang ganoong sitwasyon ng dalawa. Marahil ay dahil sa nagdaang mahabang panahon, dahil sa inakala nilang pagkawala ko, at dahil wala siyang magagawa kung iyon ang ginusto ni Sensui.

"Oh, si Maxpein!" si Michiko ang unang nakakita sa 'kin. Naging dahilan iyon upang lingunin ako nang lahat ng kasama nila sa mesa.

Umasa akong panibagong gulatan at paliwanagan na naman ang mangyayari sa pagitan namin nina Migz, BJ at Michiko. Pero nagkamali ako. Mukhang alam na nila na buhay ako at nakabalik na ng Laguna. Ngunit gano'n na lang ang gulat ko sa mainit nilang pagsalubong. Maluha-luha akong niyakap ng dalawang bakla, maging ni Michiko. At paulit-ulit nilang sinabi sa 'kin kung gaano silang kasaya na makita ako. Gusto ko nang makasanayan 'yon, hindi na sila ang unang nagsabi no'n. Pero iba pa rin pala talaga ang pakiramdam nang harap-harapan mong nasasaksihang masaya talaga sila.

"Totoo nga ang sinabi ng Ysay, 'te! Buhay ka!" ani Migz habang nagpupunas ng luha. **"Walang naniwala dahil alam nang lahat na normal lang ang halusinasyon sa kaniya."**

"'Buti at nakapunta ka, Max," ani Tob. Tumayo siya upang yumakap sa 'kin, gumanti ako. **"Bukas, ah? 'Wag kang mawawala."** Nakahinga ako nang maluwang, sa wakas ay may pormal na imbitasyon ako. Walang dahilan para hindi ako pumunta.

"Happy birthday," nakangiti kong bati.

"Bukas mo na 'ko batiin, habang iniaabot ang regalo mo sa 'kin." Tumawa siya nang malakas, iyong tawa niyang na-miss ko. **"Come and sit beside me!"** Pinagpag niya ang katabing sofa at inalalayan akong makaupo ro'n.

"Salamat." Tumingala ako upang ngitian siya.

Tatango-tangong kinagat ni Tob ang labi at lumingon sa 'ming mga naroon. Wala pa man ay mukhang naiilang na siya. At hindi malaman kung

paanong ibabalik ang nasaksihan kong saya nila kanina, habang hindi pa nila kami nakikita.

Panay naman ang ngiti ko sa mga kaibigan namin. Hindi ko magawang lingunin ang gawi nina Sensui, Kim at Naih. Bigla ay parang kinain din ako ng hiya, sobra akong naiilang. Kung kanina ay malakas ang loob kong puntahan nang mag-isa si Sensui. Kinakain naman ako ngayon ng kaba. Tanging si Lee na katabi ng nobya ang nginitian ko. Nakangiti niya namang dinampot ang bote ng alak at ipinagsalin ako.

"This is the best comeback," ani Lee. **"Cheers!"**

Isa-isang nagsipagpulutan ng baso ang mga naro'n, hindi ko lang alam sina Kim at Sensui. Nadismaya ako nang hindi makita ang mga kamay at baso nila nang magkalansingan ang mga baso namin. Nang sulyapan ko ang dalawa ay pareho naman nilang hawak ang kanilang baso. Pilit at naiilang ang ngiti ni Kimeniah, habang seryoso naman si Sensui.

Agad kong tinungga ang laman ng baso ko, tuloy ay napanood ko pang tapusin ng mga kaibigan ko ang kanila. Syempre, maliban ulit kina Kim at Sensui. Si Naih naman ay naki-cheers ngunit hindi uminom. Hindi ko alam kung ayaw niya lang bang uminom, o dahil galit pa rin siya sa 'kin. Ayaw kong isipin na hindi siya masaya sa pagbabalik ko. Hindi iyon ang oras para maging madrama ako. Dahil ang lahat sa 'kin ay handa ko nang ibigay kay Sensui, kahihiyan man o dignidad ko ang kapalit no'n. Ang pride at ego kasi ay wala na sa 'kin.

"Baka malasing ka, sweetie, hinay-hinay," bagaman mahina ay dinig kong ani Naih. Pinunas-punasan niya ang leeg ni Lee. Mukhang lasing na si Lee, iba na ang pamumula niya at pungay ng kaniyang mata.

Napalunok naman ako nang ilapit bigla ni Lee ang mukha sa nobya at dampi-dampian ito ng halik sa pisngi hanggang sa tainga. Nakita kong ngumiti si Naih bago sinalubong ang labi ni Lee, at gantihan ito ng dampi sa labi. Napaka-sweet niyon sa paningin ko, totoo, pero nakakapanibago.

Nag-iwas ako ng tingin at aksidente naman iyong tumama kay Sensui. Nakatingin din siya sa mga ito at agad ding nag-iwas ng tingin, ngunit aksidente rin iyong tumama sa 'kin. Ako ang unang bumawi ng tingin. Ipinatong ko na lang ang baso sa mesa at sumandal sa couch.

Hindi ko maintindihan kung ano ang mangingibabaw sa 'kin. Ang kakaibang kilabot sa pagtatama ng paningin namin ni Sensui, o ang hindi ko nakasanayang public display of affection nina Lee at Naih. Hindi ko pa

nakikitang maghalikan nang ganoon ang dalawa. Hindi naman iyon malaswa, sadyang hindi lang ako sanay.

Pero sa kabilang banda ay naalala kong hindi na nga pala kami bata. Hindi na kami tulad noon. Na ang mga ganoong bagay ay itinuturing na ipinagbabawal. Na para bang nakamamatay ang gano'ng mga aksyon.

"So Maxpein, nag-aral ka ba talaga sa America?" tanong ni Migz mayamaya.

Napalinga ako sa mga naroon, lahat sila ay nakatingin sa 'kin maliban kay Sensui. **"Oo."** Ngumiti ako. **"At sa tingin ko ay ako nga ang nakita ni Ysay."**

"Bakit, nakita mo rin ba siya?" natatawang tanong ni BJ, mukhang lasing na rin siya. **"'Taray, ah? May bonding moments pala kayo ng bruha."**

"Wala," natatawa ko ring sabi. **"Pero nabanggit kasi sa 'kin ni Yaz na nakita nga raw ako ni Ysay ro'n."**

"Doon ka nag-college?" tanong ni Tob. Iba na rin ang pungay sa mga mata niya. Sobra na rin ang pamumula ng kaniyang pisngi. At kakaiba na rin ang mababasang kulit sa kaniyang ngiti.

Kung gaano na sila katagal sa pub ay hindi ko alam. Noong una ay inakala kong kararating lang nila dahil sinalubong nila ako nang mainit at maayos. Pero mukhang nagkamali na naman ako. Dahil ang karamihan sa kanila ay mukhang lasing na maliban kina Kim at Sensui. Kung bakit mukhang matino pa ang dalawa ay hindi ko alam. Gusto kong isipin na sumunod lang sila sa mga ito, nang hindi magkasama.

"Kumuha ako ng bachelor's degree, pre-med course," nakangiti kong sabi. **"Dito ko ipagpapatuloy ang medicine."** Namangha sila. **"Kung suswertehin, sa BIS pa rin."**

Lalong nanlaki ang mga mata nila at ngiti sa labi. **"May minor subjects ka bang kinukuha? Iyong pangkalahatang course,"** nakangising tanong ni Tob.

Nagkibit-balikat ako. **"Ang totoo ay inaasikaso pa ng BIS ang transcript ko. Tinitingnan nila kung papasa ba ang records ko sa med school. Kung hindi ay kailangan kong i-take ang ilang subjects,"** paliwanag ko.

"Naku!" natatawang bulalas ni Tob. **"Baka maging teacher mo si Deib Lohr!"**

Natigilan ako at namamanghang napasulyap kay Sensui na noon ay bahagya nang nakangisi saka tumungga sa baso. Hindi siya nag-abalang tumingin sa 'kin. Inilingan niya lang ang kaibigan saka muling nagsalin.

Nagtuturo siya? Hindi ko magawang isatinig ang tanong ko. Nahihiya ako, at hindi makaalsa sa gulat.

"Nagtuturo sa college students ng BIS si Deib," nakangiting ani Tob. **"Astig, 'di ba?"** Hindi ko magawang sumagot, masyado pa rin akong namamangha. Hindi ko iyon nabalitaan, gusto kong sisihin sina Yaz at Heurt. **"Ano nga ulit 'yong tinuturo mo, 'dre?"** hirap na hirap sa pagtatanong si Tob, pinangungunahan kasi ng pagtawa. **"Ano 'yon, Lee?"**

"Solid Menstuation," tumawa rin nang malakas si Lee matapos 'yong sabihin. Dahilan para magtawanan ang lahat ng naro'n. Lahat, maliban sa akin. Nakangiti man ay nangunot ang noo ko. Hindi ko makuha ang biruan nila.

Hinintay kong humupa ang tawanan ng lahat bago ko nilingon si Tob, na noon ay nagpaliwanag. **"Joke lang,"** tatawa-tawa pa ring aniya. **"May subject kasi siya noon na Solid Mensuration. Eh, alam mo naman kami,"** lasing na talaga si Tob. Itinuturo niya ang sarili habang nagkukwento, at tawa pa rin nang tawa. **"Mga alaskador ang kaibigan niya, eh. Hahaha!"**

"Tch. Ugali mo lang talagang palitan lahat, puro ka kalokohan." Sa unang pagkakataon ay narinig kong magsalita si Sensui. May kung anong epekto ang boses niya sa puso ko, pinaaalon ang anumang naro'n.

"Look who's talking?" lalasing-lasing ding buyo ni Lee. Nakakapanibago talaga. Nakakagulat na makitang ganito na pala siya kakulit ngayon.

"Oo nga, 'dre. Talagang sa hari ng kalokohan pa nanggaling 'yon?" nakipag-fistbump si Tob kay Lee. **"Hindi ka naiinsulto, 'dre? Titulo mo kaya 'yon!"**

Muling nagtawanan nang malakas ang mga naro'n. Napilitan akong sumabay upang huwag magmukhang nahuhuli. Gusto kong mahiya sa sarili ko dahil pakiramdam ko sa sandaling iyon ay hindi ko na masakyan ang anumang usapan nila. Kahit na naiintindihan ko ang mga sinasabi nila, parang may kulang.

"Karugtong na ng pangalan mo ang kalokohan, 'dre! 'Wag kang magpanggap na 'yong kalokohan mo ay suamabay sa pag-graduate mo, hahaha!" patuloy ni Tob. **"Saka isa pa, ikaw talaga 'tong mahilig**

magpalit. Lahat na lang ng tao ay binabansagan mo. Nahawa lang talaga 'ko, 'dre." Nag-apir sina Lee at Tob saka tumawa nang malakas.

Biglang nagtaas ng kamay si Lee na animong lilipad. **"Superman!"** kapagkuwa'y sigaw niya. Natawa tuloy lalo ang lahat.

"Batman!" panggagaya ni Tob.

"What? You're not Batman, 'dre, shut fuck up!" tumatawang angil ni Lee. **"Bata pa lang tayo ay Superman na ang tawag sa 'kin ni Deib Lohr. Iba ang sa 'yo, nalimutan mo?"** Napalingon ako kay Sensui nang maging matunog ang pagtawa niya. Kung pwede lang sanang panoorin ko na lang siyang tumatawa.

"Ano ang bansag ni Deib sa 'yo, baby?" tumatawa rin maging si Michiko.

Sumimangot si Tob. **"Madalas talaga ay inaasar niya akong..."** Nagkunwari siyang malungkot. **"Gwapo!"** 'Tsaka siya tumawa nang pagkalakas-lakas.

"Ulul!" dinuro ni Lee ang kaibigan. **"Clown ang tawag niyan sa 'yo!"**

"Sa 'yo rin naman ay picture perfect bago naging Superman, ah!"

Tumawa si Lee saka umasta na para bang proud na proud. **"Hindi ka ba nagtataka, 'dre? Sa 'kin puro panggwapo ang tawag ni Deib. Sa 'yo kasi..."** Nag-isip si Lee kunyari. **"Clown, joker, laughing gas, clownfish, ano pa ba?"** hindi niya na mapigilan ang matawa.

"Putsa, oo nga, 'no?" sumama ang mukha ni Tob at agad na nilingon si Sensui.

"Don't look at me like that," nakadurong banta ni Sensui. Kumakabog ang dibdib ko sa t'wing magsasalita siya. At kung kasalanan man ang titigan siya, hindi ako handang magsisi. Dahil talagang napakahirap nang alisin ng tingin ko oras na mapako 'yon sa kaniya.

"Bakit sa kaniya ay puro panggwapo! Sino ba talaga sa 'min ang kaibigan mo!" kunyaring galit na ani Tob.

"'Wag kang seloso, 'dre," natatawang ani Sensui, dahilan para mas bumaon ang pagkakapako ng mga mata ko sa kaniya. Napakasarap niyang panoorin. Para bang daan-daang taon ang lumipas sa pagitan namin. Mukhang kaya ko siyang titigan nang buong magdamag. **"Tinawag ko na rin ng Tweety Bird si Lee,"** seryosong ani Sensui. Ngunit hindi niya napigilang mapangisi matapos sumulyap kay Naih.

Mukhang nakuha agad 'yon ni Tob dahil pinuno na naman nang pagtawa nito ang lugar. **"Oo nga pala! Bwahahaha!"**

"What?" angil ni Lee. Pero imbes na magalit ay nadala siya sa tawa ng mga kaibigan.

Pinilit kong makitawa. Hindi ko maintindihan kung bakit alam ko naman ang karamihan ng pinag-uusapan nila pero pakiramdam ko ay walang-wala na talaga ako sa takbo. Para bang may sarili na silang buhay at wala na ro'n, gano'n ang dating sa 'kin.

Masiyado mo lang inilalayo ang sarili mo, Maxpein. 'Wag kang praning. 'Yon ang sinasabi ng isip ko pero iba pa rin ang pakiramdam ko. At hindi ko alam kung saan nagmumula 'yon.

"'Wag mong inaasar si Lee, 'yan ang unang mag-aasawa sa inyong tatlo." Noon lang nagsalita si Kimeniah.

Gustuhin ko mang tumutok sa kaniya ay nagulat ako sa sinabi niya. Dahan-dahan akong napasulyap kay Naih. Pumait ang ngiti niya matapos aksidenteng magsalubong ang mga tingin namin. Kung hindi man biro ang sinabi ni Kimeniah, kung totoo mang ikakasal siya, hindi ko na naman alam ang tungkol doon. Nahuhuli na nga ako, napag-iiwanan.

Gusto kong isipin na masiyado pa kaming bata. Pero hindi na gano'n 'yon dahil tapos na ng cooking and culinary arts si Naih. Si Lee naman ay magtatapos na rin sa susunod na taon. Hindi man mangyari sa susunod na taon ang kasal, 'yong katotohanang may plano na silang lumagay sa tahimik ay napakasarap malaman. Hindi ko nga lang inaasahan na ako pa ang huling makakaalam.

Hindi mo sila masisisi, matagal kang nawala, Maxpein. At ang desisyon at plano nila sa buhay ay hindi dedepende ang pag-usad sa 'yo. Nariyan ka man o wala ay magpapatuloy sila.

"You're getting married?" bago ko pa napigilan ang sarili ko ay naitanong ko na 'yon. Hindi ko nga lang malaman kung kanino ko ba ibinato ang mga salitang 'yon, kay Naih o kay Lee.

Nagkatinginan ang magnobyo. Nag-iwas ng tingin si Naih habang ngumiti naman sa 'kin si Lee. **"I proposed to her last year, we're engaged."**

Natigilan ako. Agad na tinalunton ng paningin ko ang kamay at mga daliri ni Naih. Sa pagkatuliro ay hindi ko pa malaman kung saan hahanapin ang singsing, sa kanan o kaliwa.

Hindi ko rin maiwasang isipin na sinadya ni Kimeniah na ipasok 'yon sa usapan. Kung tutuusin kasi ay hindi naman 'yon ganoong kakonektado sa asaran nila. Nagawa niya lang talagang isakay. At sa kapraningan ko ay

naisip kong kaya niya ginawa 'yon ay para ipamukha lalo sa akin na marami nang nangyari. Na marami akong hindi nalalaman. Na nagtuloy-tuloy ang buhay nila kahit wala ako.

Pero sa halip na maghimutok ay sinulyapan ko si Naih. Kasalukuyan na siyang nakikipagtawanan sa nobyo. Panay ang kiliti nito sa kaniya, sweet na sweet silang tingnan. Nakakainggit.

"Naku, kailan kaya sosorpresahin ng Tob ang Michiko?" mayamaya'y banat ni BJ.

"Hay, talaga naman 'tong baklang 'to, oh!" angil ni Migz.

"Ano na naman ba, 'te?"

"'Wag mo kasing pinangungunahan! 'Ayan, mag-e-expect na tuloy ang Michiko niyan!"

"'Uy, hindi, ah!" Wala halos ipinagbago si Michiko, lalo nga lang talaga siyang gumanda. Litaw na litaw na ang hubog ng kawatan niya, at nagmukhang matangkad. Malayo sa payat at may kaliitang babae noon.

"'Sabagay, pati sa surprise ay kasama nga pala sa pagpaplano ang Michiko. Bwahahaha!" ani Migz dahilan para magtawanan ang lahat ng naro'n, syempre, sumabay na lang uli ako.

Pero matapos ang tawanan na 'yon ay talagang natahimik ang lahat. Salamat sa malakas na sounds, hindi kami mabibingi sa katahimikan kung nagkataon. Dahil parang awtomatiko nang kasunod nang pag-uusapan ay si Sensui. At talagang napaka-awkward ng sandaling 'yon. Dahil sa presensya ko.

"Ikaw, kailan ka magpapakasal? Matanda ka na!" nakangising biro ni Kimeniah kay Deib Lohr.

Nag-iwas na lang ako ng tingin. Ayaw kong makita ang reaksyon ni Sensui, nilang lahat. Bukod do'n ay naiilang ako, hindi malayong may isa sa mga naro'n na magtapon ng tingin sa 'kin.

Talagang ganoon nga ang mangyayari, inaasahan ko na. Dahil noon pa man ay ganoon parati ang usapan, iniisa-isa silang magkakaibigan.

"Kailan mo gusto?" hindi ko inaasahan ang sagot ni Sensui.

Napako sa bote ng alak ang paningin ko. Parang tinutunaw ang puso ko sa loob ng katawan ko. Bigla akong nailang, hindi ako mapakali sa kinauupuan ko. At bagaman malamig ay para akong pinagpapawisan.

"Ano ka ba!" dinig kong pinalo ni Kim si Sensui. **"Sira ka talaga!"**

"Biro lang," tumatawang ani Sensui.

Nangunot ang noo ko, bahgya kong nakagat ang labi ko. Alam kong nagbibiruan lang sila. Gusto kong huminga nang maluwag dahil sa sandaling ito, nasisiguro kong walang relasyon ang dalawa. Pero sa kabilang banda, sinasabi ng utak ko na hindi malabong tumuloy doon ang ganito nilang sitwasyon. Hindi imposibleng muling mahulog ang loob ni Sensui kay Kim. At mas lalong hindi imposibleng muling mahalin ni Kim si Sensui.

"I'll go to the bathroom," si Lee ang bumasag sa katahimikan.

"Are you okay?" nag-aalalang tanong ni Naih, agad na tumayo upang alalayan ang nobyo. Pinanood ko lang sila.

"I'll join you," ani Deib na iniakbay ang kamay ng kaibigan sa sarili saka inalalayan papunta sa banyo.

Pinanood ko silang maglakad papalayo. Talagang hindi na yata mawawala ang taglay nilang karisma. Dahil nang sandaling maglakad sa gitna ng mga tao ang dalawa pa lang myembro ng kanilang grupo ay nagsipaghintuan na ang karamihan para lang tingnan sila. Ang ilan sa mga kababaihan ay nakangiting nagsipagbulungan.

Nang sandali ring 'yon ay para akong pinagsukluban ng langit at lupa. Dahil alam kong ang karamihan nang 'yon ay si Sensui ang puntirya. Makikita naman kasi kung paanong umalalay sa nobyo si Naih. Habang si Deib Lohr ay talagang nangingibabaw dahil sa paglalakad nang nakataas ang noo.

Muli ay naramdaman ko kung gaano ako kaswerte noon dahil pag-aari ko si Deib Lohr. Dahil mahal na mahal niya ako. Dahil sa 'kin umiikot ang mundo niya. Dahil gagawin niya ang lahat para sa 'kin. Dahil handa siyang ibigay ang lahat nang kakaunting kakayahan niya, mapatunayan lang na mahal niya ako.

Dahil siya ang Sensui ko at ako ang kaniyang Taguro... Agad akong nagbaba ng tingin. Dahil kung patatagalin ko pa ang pagtanaw sa kaniya ay baka bigla na lang akong maluha. Wala akong pakialam kung sinong makakita sa 'king umiyak o masaktan, o maghabol. Ayos lang sa akin. Si Sensui lang ang iniisip ko. Baka hindi niya magustuhan kung bigla ay magiging emosyonal ako. Inaalala kong baka mapahiya siya kung magkagano'n ako.

"Cheers?" mayamaya'y umalingawngaw ang tinig ni Kim, binasag ang nakaiilang na katahimikan.

Nagsipagkilusan ang mga naiwan, kaya naman wala akong nagawa kundi ang sumunod. Nagsalin ako ng alak sa baso saka nakipag-cheers sa kanila. Agad ko 'yong tinungga nang nakapikit. Nararamdaman ko ang titig ni Kimeniah sa 'kin. Siya siguro ang pinakamasayang tao ngayon dahil alam kong alam niyang nasasaktan ako. Pero posible ring bale-wala na ako sa kaniya, na napapraning na lang talaga ako.

May gusto ka sa aking mahal. May balak kang agawin siya. Hitsura pa lang, sa 'kin lamang ka na. Ligawan mo siya, siguradong magwawagi ka.

Bigla ay nangibabaw ang kantang 'yon. At kakatwang hindi man nababagay ang kanta sa lugar, napakaraming customers ang sumabay. Nagtila concert ang lugar nang magsipagkantahan ang mga tao. Habang ako ay 'ayun, kinakain ng kanta ang tunay kong nararamdaman.

"***Nakikiusap ako sa 'yo nagmamakaawa,***" maging si Tob ay lalasing-lasing na sumabay sa kanta. Nakangisi habang nakapikit, nakasandal at wala sa ayos ang pagkakaupo. Nakataas ang kamay sa ere na animong doon nanggagaling ang timbre ng kaniyang boses. "***Kunin mo na ang lahat sa akin, 'wag lang siya.***"

Sa huli ay nagsipagsabayan sina Migz, BJ at Michiko. Mukhang pare-pareho na rin silang may tama. Palihim kong sinulyapan si Kimeniah, nakangiti niyang pinanood ang apat. Mukhang aliw na aliw siya, walang balak na tingnan ako.

"***Kunin mo na ang lahat kay Maxpein,***" bigla ay iniba ni Tob ang liriko. Ganoon pa rin ang hitsura, nakapikit na kumakanta! "'***Wag lang ang kaniyang bading***!" mas nilakasan niya pa ang boses.

"***Ooohh***!" nakakaloko naman ang pagse-second voice ng dalawang bakla! "'***Wag lang...'wag lang...ang kaniyang bading...***"

"***Alam niyang kaya mong paibigin siya, sa kaniya'y maagaw mo siya. Pakiusap niya sa 'yo magmahal ka na lang ng iba.***" Bigay na bigay talaga si Tob at nakakaloko 'yon. Gusto ko siyang sawayin dahil alam kong hindi niya na alam ang ginagawa. Posibleng mainis o magalit si Kim sa ginagawa niya, kung ito man ang pinatatamaan niya. Pakiramdam ko kasi ay kaming dalawa ang tinutukoy ni Tob sa pagbabago niya ng liriko.

"***Ooohhh...Magmahal ka na lang ng iba...***" Talagang pinanindigan nina BJ at Migz ang pagse-second voice. Si Michiko naman, gaya ng dati, mukhang hindi nage-gets ang nangyayari. Para bang tuwang-tuwa pa siya sa ginagawa ng tatlo! At imbes na sila ay parang ako ang nahihiya kay Kimeniah!

"*Kunin mo na ang lahat kay Maxpein...*" patuloy ni Tob. **"*'Wag lang ang kaniyang bading.*"**

"*Oohhh...'Wag lang...'wag lang...ang kaniyang bading...*" Nagpatuloy rin ang dalawang bading.

"*Ikamamatay ng lahi mo...*" *nakangising nagmulat ng mata si Tob, nang-aasar talaga!*

***"Ikamamatay mo...*"** nakakalokong kinanta iyon ng dalawang bakla habang nakatingin talaga kay Kimeniah!

"*Kapag kay Maxpein ay inagaw mo siya...*" natatawang pagtatapos ni Tob sa kanta.

"Mga sira-ulo," hindi ko na napigilan ang sarili kong palihim na singhalan sila.

"What?" mataray na ani BJ, siniringan pa ako. **"*Oohh...ikamamatay mo...*"** muli niyang inulit, nang-aasar ding talaga.

"Pathetic!" angil ni Kimeniah sabay walk-out.

"Kim!" habol ko.

"Let her go, 'te! Makahabol ka naman, lalaki ka, 'te?" nakakalokong ani BJ.

"Bakit kasi ginano'n ninyo?" nakokonsensya kong sabi.

"Anong ginano'n? Excuse me, we're just having fun! Right, guys?"

"Yeah!" sabay-sabay na nagsipag-headbang-an sina Migz, Michiko at Tob. Mukhang magkakasundo na sa kalokohan ang mga ito. Kung kumanta sila kanina ay para bang lahat sila ay praktisado.

Napabuntong-hininga ako at inilingan na lang sila. Dagli akong tumayo upang sundan si Kimeniah.

Pero bago pa man ako makalapit sa entrada ng pub ay dumaan na si Deib Lohr sa harapan ko. At bago pa tuluyang makalabas si Kimeniah ay nahabol na niya.

"What happened?" puno nang pag-aalalang tanong ni Sensui. Sa kabila nang malakas na tugtog ay hindi makaligtas ang boses niya sa pandinig ko.

"I want to go home," nagbaba ng tingin si Kim.

Kumuyom ang palad ko nang haplusin ni Sensui ang pisngi ng babae upang magtama ang kanilang paningin. **"Are you okay? Tell me what happened."**

"Nothing," nag-iwas ng tingin si Kim. **"I'm okay. I just want to go home."**

"I'll take you home," hinawakan ni Sensui ang pareho nitong kamay.

"Stay with your friends, I'm fine."

"No. I'll take you home." Hinaplos ni Sensui ang buhok ni Kim saka tuluyang hinila papalayo sa lugar na 'yon.

Ni hindi man lang naramdaman ni Sensui na nandoon ako. Ni hindi man lang niya nakitang nanonood ako.

~ To Be Continued. . .~

OceanofPDF.com

CHAPTER 237 : THE END PART 1

CHAPTER 237 : THE END Part 1

MAX'S POV

MARAHAN KONG iminulat ang mga mata ko nang magising ako kinabukasan. Ngunit ang nakita ko ay ang huling eksena na napanood ko kung saan sina Kim at Sensui ang bida. Kakaiba ang lungkot na bumabalot sa 'kin. Kagabi ay mabigat na 'yon sa dibdib, umasa akong mawawala 'yon sa pagtulog ko. Hindi ko akalaing dodoble pa pala ang bigat ngayong paggising.

Wala na akong nagawa nang magyaya nang umuwi sina Tob at Naih. Lasing na si Lee, at hindi na maganda ang topak ni Tob, halos maihi sa kinauupuan ang mga bakla katatawa. Ako naman ay ngingiti-ngiti lang sa kanila pero ang isip ko ay kung saan-saan naglalayag.

Napapikit ako at sa isang iglap ay nanumbalik sa 'kin ang lahat nang magagandang salitang binitiwan ni Sensui ilang taon na ang nakalipas. Kunot-noo kong ninamnam ang bawat magagandang linyang ipinangako niya. Halos maluha ako nang tila maramdaman kong muli ang pakiramdam habang pinakikinggan siya.

Nagawa kong alalahanin ang lahat, kahit anong tagal na niyon. Mula nang sandaling magkaharap kami hanggang sa may mapansin akong kakaiba sa mga kilos niya. Nang sandaling kutuban ako kung may nararamdaman ba siya sa 'kin. Gusto ko pang matawa dahil ako mismo ay inaasar ang sarili ko. 'Kako ay imposibleng may magkagusto sa 'kin na ganoon kagwapo. Kahit pa may nagkagusto sa 'king gwapo bago siya, kakaiba ang hitsura niya. Siya 'yong may mukha na maya't maya mo hihilinging makita. At kapag nandiyan na ay bigla ka na lang maiilang. Sa dami nang natagalan kong titigan, sa kaniya lang ako nailang.

Sensui...

"Where are you going?" hinarang ako ni Yaz nang magpaalam akong aalis.

"May bibilhin lang ako sa mall." Kinawayan ko lang siya at nagpatuloy na ako papalabas.

Nasulyapan ko si rabbit na maporma ang pagkakagarahe. Hindi ako magdadala ng sasakyan ngayong araw. Palibhasa ay lutang ako dahil sa malalim at maya't mayang pag-iisip, natatakot akong maaksidente dahil sa pagiging tulala. Wala rin sa plano kong mamili ng ireregalo kay Tob sa mall na pag-aari nila mismo. Nag-aalala akong baka sa tagal nang nakatayo niyon ay nasaulo niya na ang lahat ng paninda. Gusto ko nang kakaiba.

At gano'n nga ang nangyari. Tulala ako buong byahe. Tuloy ay kinailangan pa akong kalabitin ng konduktor ng bus nang maningil ito ng pamasahe. At sa kabila nang napakaraming tao sa Maynila ay 'ayun ako at tila mag-isang naglalakad. Nakapamulsa at tutok lang sa daan ang paningin.

Nang makapasok naman sa kilalang mall ay para lang akong hangin na dumaraan sa bawat botique at stall. Wala akong hinihintuan upang tingnan, maghanap ng posibleng iregalo kay Tob. Hindi ko malaman kung alin ba ang mahirap. Iyong mag-isip ng posibleng iregalo sa kaibigang lalaki, o mag-focus sa pamimili. Dahil nalibot ko na ang buong mall, wala pa rin akong naiisip o nakikita.

Napabuntong-hininga ako at nakapamulsang huminto sa gitna nang napakalawak na palapag. Iginala ko pa nang minsan ang paningin ko, umaasang may mapupusuan akong pasukin. Pero panay kainan ang nadadapuan ng paningin ko.

Nakasimangot kong hinimas ang tiyan ko. Nilipasan na 'ko ng tanghalian, wala pa rin akong nahahanap na regalo. Muli akong tulalang naglakad hanggang sa may matipuhan akong restawran. Napapabuntong-hininga akong naupo at tumitig sa menu. Ilang minuto ang ginugol ko sa pagtitig doon, sa huli ay tapsilog lang ang naintindihin at in-order ko. Nakakasira ng ulo ang ganitong pakiramdam. Apektado ang utak, kilos at kaluluwa ko. Para akong nag-iisa sa mundo. Iyon bang deretsong-deretso ang pagkakaupo, habang ang parehong kamay ay nakapatong lang sa mesa. Walang emosyon at nakatitig lang sa iisang lugar ngunit walang makita. Naglalakbay ang isip pero iisa lang ang pinupuntahan. Gano'n katindi ang epekto ni Sensui sa 'kin, at nang nakita ko kagabi.

Inosente akong nag-angat ng tingin sa waiter nang nakangiti nitong ilatag ang order sa mesa ko. Tumango lang ako at muling tumitig sa nakahaing pagkain. Nakakalunod ang dami ng kanin at tapa. Nakakatakam ang perpektong pagkakaluto ng itlog. Nakapaglalaway ang umuusok pang

sabaw. Maging ang suka na may sili sa tabi ay pinangangasim ako. May hiniwang kamatis sa platito at sa tabi niyon ay ang umuusok sa lamig na iced tea. Panay ang kulo ng tiyan ko pero hindi ko na maramdaman ang gutom.

Ngunit sadya nga yatang mapaglaro ang panahon, dahil bigla na naman itong nagbiro. Lumipad ang paningin ko sa entrada ng restawran nang mapansin ko ang pamilyar na bulto. At hindi nga ako nagkamali. Napako kay Sensui ang paningin ko, na noon ay inosenteng naglalakad papasok. Sa laki ng Pilipinas, bakit sa iisang lugar kami napapadpad?

Nakangiti niyang sinalubong ang lumapit na waitress. Sandali silang nagtanungan, nangunot ang noo ko nang imuwestra ng waitress ang gawi ko. Lumingon si Sensui sa mesa malapit sa kinaroroonan ko, at imposibleng hindi niya ako mapansin. Umangat ang parehong kilay niya matapos akong makita. Nag-igting naman ang mga bagang ko nang sumilay ang malawak ngunit kaswal na ngiti sa mukha niya. Hindi ko inalis ang tingin sa kaniya mula pagpasok hanggang sa makalapit siya sa 'kin.

"Maxpein," masayang pagbati niya.

Bigla ay gusto kong papalitan ang pangalan ko dahil sa pakla nang pagkakabanggit niya. **"Deib Lohr,"** pagkadiin-diing banggit ko sabay tango.

"Are you alone?"'

"No."

"Yeah? Who's with you?"

"You," kaswal na sagot ko sabay senyas sa silyang nasa harap ko.

Sandali siyang natigilan saka napahalakhak. **"May I join you?"**

Nagkibit-balikat ako. **"Perhaps, the seat is waiting for you."** Nginisihan niya lang ako. **"What do you want to have?"** tanong ko nang iabot ng waitress ang menu sa kaniya.

Inaasahan kong sasagutin niya ako ng pabalang, napapalunok ko nang inihanda ang sarili ko para ro'n. Pero nabigla ako nang bigla siyang tumunghay sa nakahain sa aking harapan. Saka lalo pang ngumisi. **"I'll have what she's having,"** aniya sa waitress habang nakangiti sa akin. Gusto kong kiligin, pero sadyang kulang ang emosyon. Wala tuloy akong maramdaman. **"Shopping?"** mayamaya ay tanong niya.

Napapabuntong-hininga akong luminga sa labas bago muling tumitig sa kaniya. **"Kinda,"** nakangiwing sagot ko. *Kinda? Ulul, Maxpein.*

"Bakit wala kang kasama?"

"Nandiyan ka nga, 'di ba?" hindi ko makuhang maging sarkastiko. Ang pakiramdam ko ay masiyadong naghahalo-halo, hindi magawang matuon sa iisang emosyon.

Bahagya siyang natawa saka sumandal. Nakangiti siyang umiling sa 'kin, at talaga namang gano'n na lang ang pag-asa kong may sasabihin pa siya. Umasa akong magtutuloy-tuloy ang pag-uusap namin. Nakagat ko ang gilid ng labi ko nang maglabas lang siya ng cellphone at seryosong nagpipindot doon.

Ngunit sa halip na abalahin siya ay hinayaan ko na lang ang mga mata kong umabuso sa pagtitig sa kaniya. Tutal ay mukhang hindi niya 'yon ramdam dahil sa sobrang pagkakatutok sa cellphone. Para ngang mag-isa lang siya sa mesa kung umasta. Hindi man lang umayos sa pagkakaupo habang kumakain, nananatiling nakasandal at bumabangon lang sa t'wing susubo. Kung anuman ang pinakatututukan niya sa cellphone ay hindi ko alam. Hinihiling kong sana ay gano'n 'yon kaimportante. Dahil kung hindi ay masasaktan ako sa katotohanang hanggang doon nalang ang presensya ko sa kaniya.

"Are you coming to the..." Natigilan siya sa pagtatanong nang magsalubong ang tingin namin. Mukhang nagulat siya dahil ang paningin ko ay nasa kaniya na nang mag-angat siya ng tingin sa 'kin. Nakita ko siyang mapalunok, at umiling. **"Are you coming to Tobi's birthday party tonight?"**

Tumango ako. **"He invited me."**

"See you there, then," nakangiting aniya saka tumingin sa pagkain ko. **"It seems like you haven't touched your plate, again, are you on diet?"** Nakangiti ngunit kunot-noong dagdag niya.

Pilit ang naging pagngiti ko. **"No."** Dinampot ko ang tinidor at nagsimulang tumuhog. *Nakalimutan kong kakain nga pala 'ko dahil sa presensya mo.*

Tumango-tango siya saka isinenyas na kumain pa ako. Sumunod naman ako, napalaki ang subo ko. Ngunit hindi ko maintindihan kung bakit bigla ay napatulala ako sa kaniya. May kung ano sa 'kin nangangapa kung ano ang kaniyang ginagawa. *Balak niya bang panoorin lang akong kumain?* Napalunok ako, mukhang gano'n nga ang gagawin niya. Prente siyang sumandal sa silya at pinagkrus ang mga hita, saka siya deretsong tumingin sa 'kin.

Sa sandaling iyon, pakiramdam ko ay kaming dalawa lang ang nasa malawak na lugar. Pakiramdam ko ay ako lang ang kaniyang nakikita, gano'n din siya sa 'kin. Pakiramdam hindi ko na uli magagawang damputin ang kutsara o tinidor, lalo na ang lumunok o ngumuya. Gusto kong yumuko sa ilalim ng mesa at idura ang laman ng bibig ko, pero bukod sa nakakahiya 'yon at hindi akma, nakakadiri. Tutok na tutok siya sa 'kin na pakiramdam ko ay makikita niya maging ang paggalaw ng maliliit na hibla ng balahibo sa pisngi ko.

Kaya sa halip na labanan ang tingin niya ay dinampot ko ang baso at patagilid na uminom. Walang nguyaan kong nilunok ang karneng isinubo ko. 'Tsaka ako tumikhim at pinunasan ang labi ko, syempre, pagkaliliit na dampi ang ginawa ko upang huwag magmukhang brusko ang kilos ko.

Itinabi ko ang mga plato at saka ako napipilitang ngumiti sa kaniya. **"Tapos ka na ba? Tapos na 'ko,"** pilit kong hindi ipinakita sa kaniyang naiilang ako.

Bahagya siyang ngumiwi saka sinulyapan ang plato ko. **"Pati pagkain iniiwanan mo na ngayon, ah?"** Hindi ko inaasahan ang sinabi niya! Nakangisi siyang tumayo at mas lalong hindi ko inaasahan ang sumunod niyang kilos. Gumilid siya papunta sa akin at mukhang aalalayan akong tumayo. **"Baka gusto mong tumayo?"** natatawa niyang bulong. **"Hindi ko mahila 'yong bangko."**

"Ah..." Dagli akong tumayo. **"Salamat."** Tumikhim ako matapos tumabi sa kaniya.

Dumeretso kami sa counter, nawala ako sa wisyo at nakalimutang kailangan ko nga palang bayaran ang kinain ko. Maglalabas na sana ako ng wallet nang pigilan niya ang kamay ko at maglabas ng kaniya. Napasulyap ako sa card niya at mabilis na pagkilos ng manager na siyang dumulog sa kaniya. Pinanood ko siyang pumirma at ngumiti pabalik sa manager. At muling nabigla nang akayin niya ako palabas.

"May lakad ka pa?"

Aligaga akong nag-angat ng tingin sa kaniya. *Why are you doing this to me?* Pakiramdam ko ay mangangatal ang mga tuhod ko, bagay na hindi kailanman naging normal sa 'kin sa harap ng sinumang tao...maliban sa isang 'to. **"Actually..."** *Saan nanggaling ang actually? Tss. Actually...ano? Ang arte mo!* Napilitan ulit akong ngumiti. **"Bibili sana ako ng ireregalo sa best friend mo."**

"Tob ang pangalan niya," seryosong aniya.

"Oo nga, best friend mo."

"Tob nga."

Nangunot ang noo ko. **"Tob nga..."** mahina kong sabi. *Ano ba'ng masama kung sabihin kong best friend niya? Tss.*

"Sasamahan kita," presinta niya, nananatiling seryoso.

Syempre, nagulat na naman ako. **"Seryoso ka?"** mas mahinang tanong ko, nagugulat nang nagugulat.

Kunot-noo siyang ngumisi. *Ang gwapo!* **"Oo,"** nagtataka niyang sagot saka iminuwestra ang daan. **"Mahilig sa paintings si Tob,"** aniya saka nanguna na para bang sa boutique ng mga paintings niya na nga ako dadalhin.

At hindi nga ako nagkamali. Sa dulo ng mahabang mall ay dinala niya ako sa functional and fine local art store. Nakakatuwa dahil hindi lang paintings ang nandoon. May iba't ibang bagay na may kinalaman sa art ang naka-display. May mga mesa, silya, sofa, maliit at malalaking bagay, at kung ano-ano pa.

Hilig ko rin ang paintings, pero hindi ko ugaling mangolekta nito. Masaya na ako sa ilang paintings na inireregalo sa akin mula noong bata ako. Hindi ko rin naranasan pang pumunta sa mga painting hall o art exhibits. Ngayon ko lang naranasang pumasok sa art store at pakiramdam ko ay nasa art exhibit gallery ako sa sandaling iyon. Ganoon na ganoon kasi ang disenyo ng malawak na store.

Mula palang sa entrada ay nawala na ako sa sarili. Ang mga naka-display na paintings ay nakakapukaw ng katinuan, dinadala ako sa kakaibang dimensyon habang naroon ka sa lugar. Nakakabighani, nang-aakit at talagang makaagaw-pansin.

Nang sandaling iyon ay nalimutan kong may kasama ako. Hindi ko magawang alisin ang paningin ko sa bawat painting na madapuan ng mga mata ko. Maging ang mga inukit sa kahoy na mga displays ay pinipigilan akong tumingin pa sa iba. Hindi ako maalam sa pagkilatis ng mga art na iyon sa totoo lang. Tuloy lahat ng makita ko ay maganda at kamangha-mangha.

Ang karamihan sa paintings ay ipininta ng mga lokal na pintor habang sa maliit na gawi ng store ay naka-display ang gawa ng mga dayuhan. May mangilan-ngilang cultural at abstract paintings ngunit kapansin-pansing ang karamihan sa mga iyon ay nature paintings. Iba't iba pa nga dahil may ipinintang simple, waltercolor at oil.

At hindi ko maintindihan kung bakit mas matagal akong napatitig sa mga nature painting. Pakiramdam ko ay pamilyar sa 'kin ang mga lugar na 'yon, hindi ko lang matandaan. Malakas ang kutob kong hindi ako nagkakamali.

Hindi ko namalayan kung gaano katagal kong tiningnan at minasdan ang bawat painting na aking nadaanan. Bahagya pa akong natigilan nang marating ko ang dulo ng mahabang pasilyo. Nagulat ako nang pagbaling ko sa harapan ay 'ayun na naman si Sensui. Magkakrus ang mga braso, nakaharap at deretsong nakatingin sa akin, na para bang pinanonood ako.

Napalinga ako sa iba pang naroon, pawang mga nakatingin at nakangiti sa amin ang dalawang babae at dalawang lalaking staff ng art store. Mukhang may balak pa silang makihati sa akin ng kilig na idinudulot ni Sensui.

Sa inis ay tumitig din ako kay Sensui saka ko siya pinagkunutan ng noo. Tumaas ang kilay niya at bahagyang ngumuso. 'Tsaka kumibot-kibot ang labi niya na para bang sa gano'ng paraan itinatanong kung bakit gano'n ang aking reaksyon. Napapabuntong-hininga siyang nag-iwas ng tingin. Saka siya dumako sa kabilang parte ng store, na hindi ko inaasahang gano'n pala talaga kalaki.

Sumunod naman ako. Ngunit 'ayun na naman ang mahika ng mga painting. Dinadala na naman ako sa kung saang lugar, manghang-mangha ako sa mga obra. **"Isa sa pinakamagandang talento sa mundo ang pagguhit sa tingin ko,"** nakangiti at wala sa sarili kong sabi. **"Kahit sino kasi ang tumingin sa mga obra nila ay bibilib at hahanga. Wala akong maipipintas sa ganitong talento."**

"I agree," tipid niyang sagot.

Napabuntong-hininga na lang ako at muling nagpatuloy. Mabagal ang aking paglalakad, ninanamnam ang ganda ng bawat obra. Pero habang dumarami ang aking nakikita, mas nangungunot ang noo ko sa sobrang pag-iisip.

"Hindi ko maintindihan kung bakit pamilyar sa 'kin ang mga lugar na 'to..." wala na naman sa sariling nasabi ko.

"Siguro...dahil nanggaling ka na sa mga lugar na 'yan," bagaman mahina ay narinig ko ang sinabi ni Sensui. Gulat akong nag-angat ng tingin sa kaniya, nagtataka. Ngunit ang paningin niya ay nakapako sa painting sa kaniyang harapan. Seryosong-seryoso, ang mga kamay ay parehong nasa likod.

Naguguluhan ko namang nilingon ang painting na tinitingnan niya. Limang frame iyon na may iba't ibang sukat ngunit bumubuo ng iisang larawan. Halos puro tubig ang makikita ro'n, maliban sa itim na light house sa ibabaw ng burol, na nagmumukhang maliit sapagkat malayo sa pagkakaguhit. Pilit kong inalala kung kailan ko napuntahan ang lugar na 'yon. Pilit kong inalala kung saan ang lugar na 'yon. Ngunit nabigo ako.

Nakangiti na siya nang lingunin ako. **"Bakit hindi mo tingnan ang iba pa?"** anyaya niya saka nanguna. Sumunod ulit ako.

May hinintuan kaming painting kung saan ang nakaguhit ay matandang babae na may magaganda at kumikinang sa tuwa na mga mata. May kung anong bagay na nakapatong sa ulo ng matanda, mukhang gawa sa hinabing pawid. May kakaibang kislap sa mga mata nito na nanghihikayat sa akin na mas tumitig pa hanggang sa kusa akong mapangiti. Nagtagumpay naman ang sinumang pintor niyon nang mapangiti ako matapos tumitig.

Nang muli akong sumunod kay Sensui, natigilan ako matapos makitang seryoso siya. Agad kong nilingon ang sumunod na painting na tinitingnan niya. Lalo pa akong natigilan at pinagkunutan ng noo nang may maalala akong lugar matapos makita iyon. Malawak na bulwagan iyon na may napakarami at nakapaikot na silya, na pawang mga gawa sa kahoy. Sa gitna niyon ay isang lalaki na nakaluhod at halos dumikit ang noo sa lupa dahil sa pagkakayuko. Wala nang ibang tao bukod sa nakapintang lalaki, na kahit pa pulos itim halos ay matutukoy ang kasarian at kahulugan.

Nawala ang kaninang kakaibang mahika na idinulot ng mga naunang painting sa akin nang rumehistro sa isip ko ang bulwagan ng parliyamento.

Bigla ay kumuyom ang mga palad ko. Pinilit kong maging mahinahon saka ko nilingon si Sensui. Ngunit sa halip na komprontahin siya ay bigla akong natigilan nang makita ang magandang pagkakangiti niya habang kausap ang babaeng staff. Bigla kong naitanong sa sarili kung paano niya nagagawang tumawa nang ganoon kanatural sa kabila nang nangyayari sa 'min?

Hindi ko na magawang magalit. Sa halip ay muli akong tumitig sa painting na 'yon. *Napakalapit, halos magkapareho. Pero...papaanong naipinta ito?* Naisip kong hindi ko pwedeng pagbintangan si Sensui na ipinagkalat ang tungkol sa parliyamento. May tiwala akong hindi niya 'yon ipagsasabi, alam niyang parte 'yon ng pribadong buhay namin. Pero hindi ko maiwasang magtaka. Muli akong napalingon kay Sensui at napatitig.

Paanong pumasok sa isip ng pintor ang ganitong ideya? Nalalaman ba niyang may ganitong lugar talaga?

Tuloy ay hindi ko namalayan nang bigla niya akong lingunin. **"May napili ka na?"** tanong niya. **"Maxpein?"** pagtawag niya nang hindi ako makatugon.

Napalunok ako. *Maxpein pa rin...* **"Wala pa,"** iling ko.

"Gusto mong tulungan kita?"

"Pumili?" wala sa sarili kong tanong.

Bahagyang nangunot ang noo niya habang nakangiti, 'tsaka siya natawa. **"Oo,"** ang tanging isinagot niya. **"Hindi mo kailangang ipag-alala ang pagbubuhat,"** nakangiti niyang dagdag. Hindi ko naiwasang maisip na ipagbubuhat niya ako. **"Dahil ide-deliver 'yan sa bahay nila Tobi."** Hindi ko alam kung akma ba 'yong sinabi niya sa usapan. Hinihiling kong sana ay hindi niya na lang sinabi 'yon. Hindi ko magawa maski ang ngumiti dahil nandoon ang himig ng sarkasmo sa tinig niya.

Sumabay ako sa kaniya sa marahang paglalakad. Ang mga mata ko ay tutok sa mga obra, pero ang isip ko ay naglalayag sa iba. **"Napakalawak ng utak ng mga pintor,"** sabi ko, walang emosyon.

"Yeah, I admire them," sa tinig niya ay batid kong nakangiti siya, ramdam kong wala sa akin ang paningin niya.

"Sobrang lawak..." bumuntong-hininga ako. **"Nagagawa silang dalhin sa iba't ibang lugar,"** tatango-tango kong sinabi saka huminto. **"Maging sa mga lugar na hindi legal puntahan, kahit sa isip lang."**

Nahinto siya sa paglalakad, naramdaman ko nang bigla niya akong lingunin. Maging ang pagsulyap niya sa painting na kasalukuyan kong tinitingnan ay nakita ko sa gilid ng aking mga mata. Sandaling nangibabaw ang katahimikan sa pagitan namin. Sa sandaling 'yon pakiramdam ko ay nakuha niya ang ibig kong sabihin.

"May napili na ako," bigla ay sabi ko, wala pa ring emosyon.

"Which one?" mahina niyang tugon.

Nag-angat ako ng tingin sa kaniya. **"Iyong nahahawigan ko sa pribadong lugar na napuntahan mo."**

Nakita ko nang mag-igting ang bagang niya, bahagyang nangunot ang noo. Pero sa halip na sumagot ay bumuntong-hininga lang siya at nanguna pabalik sa pinanggalingan namin kanina. Sarkastiko akong ngumisi nang makita ko siyang huminto sa painting na nahahawigan ko sa palasyo ng parliyamento.

"Ito?" seryoso niyang tanong, hindi ko inaasahan.

Nagtiim ang bagang ko at seryosong hinarap siya. **"Bakit mo naisip na iyan ang pipiliin ko?"**

Ngumiwi siya. **"Nakita kitang tumitig sa isang 'to, mukhang iba ang epekto sa 'yo."**

"Marunong kang bumasa ng epekto sa taong tumitingin sa obrang ito, kung gano'n." Sarkastiko akong tumango. **"Bakit, ikaw ba ang nagpinta ng mga 'to?"** tanong ko nang nakakunot-noo, ang mga mata ay nasa obra.

"Oo," deretso niyang tugon dahilan para matigilan ako at mag-angat ng tingin sa kaniya. **"Lahat nang nakikita mong pamilyar sa 'yo ay ipininta ko."**

Napalunok ako. Hindi ko inaasahan ang sagot niya. Nang tanungin ko siya ay wala sa isip ko ang pagiging seryoso, sarkasmo lang ang meron ako. Inaasahan kong magagawa ko siyang asarin nang magtutunog nagbibiro. Ngunit nabigo ako.

Magsasalita na sana ako nang bigla niya akong talikuran. **"She'll take that one,"** aniya sa staff saka dumeretso sa counter. **"Under my name."**

Humugot ako nang malalim na hininga saka muling nilingon ang painting. Palibhasa'y ignorante, ngayon ko lang napagtuunan ng pansin ang initials, *EDLE*, at date na nakapinta ro'n. Maging ang nakasulat sa ilalim ng frame ay noon ko lang napansin. Nakasulat doon ang buong pangalan ng pintor, kung kailan iyon ipininta at kung ano ang naging inspirasyon niya. Nang basahin ko iyon ay wala ni isang salitang tumutukoy sa 'kin. Pinanatili niyang misteryo ang lugar na 'yon. At aminado akong bagaman may pagkakahawig, hindi pa rin ganoon ang mismong hitsura ng parliyamento.

Lumapit ako sa counter at inilabas ang wallet ko. Pero bago ko pa man mabuksan iyon ay bahagya niya nang inilayo ang kamay ko. Nagtataka akong nag-angat ng tingin sa kaniya.

"No need," kaswal niyang sabi.

"Bakit?"

"I own this shop," nag-iwas siya ng tingin.

Nagugulat kong iginala agad ang aking paningin sa kabuuan ng lugar. **"I never thought you'd become this successful."** Noon lang ako nag-angat ng tingin sa kaniya. **"Nakakabilib."** Bagaman ganoon ang sinabi ko ay hindi ko ipinahalata ang umaapaw na paghanga.

Sinsero siyang ngumiti at tumango. **"Salamat."** Iyon lang ang isinagot niya. Ang inaasahan ko ay ipagmamalaki niya 'yon para ipamukha sa 'kin na kinaya niya, kahit wala ako.

Muli kong iginala ang paningin ko. Nag-uumapaw ang paghanga ko kay Sensui. Hindi ako makapaniwala, at gusto kong kwestyunin ang sarili ko nang dahil do'n.

Imposible ba'ng maging ganito siya ka-successful? Bakit, dahil umalis ka? Tss. **"Wow... Engineer, professor, painter, businessman, ano pa?"** naibulong ko sa sobrang paghanga.

"Single," biglang dagdag niya, lalong hindi ko inaasahan.

Nagugulat akong napalingon sa kaniya, at mas nagulat pa nang makitang nakatingin na siya sa 'kin. Seryoso siya at malalim ang pagkakatitig sa 'kin. Sobrang lalim na para bang nagagawa niya na akong sisihin kung bakit siya single sa gano'ng paraan palang.

Bigla ay parang nag-init ang ulo ko. *Single, ah? Tss.* Gusto kong ipaalala sa kaniyang hindi kami naghiwalay. Pero sa huli ay naisip kong literal kaming nagkalayo, at gano'n na rin 'yon. Gusto kong sabihin sa kaniyang hindi natapos ang relasyon namin. Pero naalala kong hindi ako gumawa ng paraan para panatilihin ang pagpapatuloy niyon. Gusto kong isumbat sa kaniya na anumang pinagdaanan ko ay may kinalaman sa kaniya. Pero kalaunan ay naramdaman kong wala akong karapatang sumbatan siya. Dahil hindi ako bulag na komyunikasyon ang kulang sa 'ming dalawa. At nangyari 'yon nang dahil sa sarili kong kagustuhan.

"Paano ko pa matatawag na regalo 'to kung inilibre mo?" kaswal na tanong ko nang matanggap ang papel na may selyo. Ide-deliver ang painting sa bahay nina Tob sa oras ng party.

"Hindi niya naman malalaman." Ngumiti si Sensui. **"May kailangan ka pa?"**

"Wala na. Ito lang talaga ang ipinunta ko," wala a akong planong ipagpilitang bayaran 'yon. Tingin ko'y hindi siya magpapatalo.

Nakanguso siyang tumango, seryoso. **"May dala kang sasakyan?"** Nakangiwi akong umiling. **"Ihahatid na kita,"** aniya 'tsaka kumaway sa mga staff. Sandali akong tumango at nagpasalamat sa mga staff saka sumabay sa kaniya.

Mabagal ang paglalakad namin. Panay ang lingon ko sa kung saan habang siya ay deretso lang ang tingin. Ang isang kamay ay nakapasok sa bulsa habang ang isa pa ay nilalaro ang susi na hawak niya. At sadya nga

yatang malakas ang karisma ni Sensui, ang mga babaeng nakakasalubong namin ay hindi maitago ang paghanga. Talaga namang panay ang lingon ng karamihan sa mga babaeng nakakapansin sa kaniya. Habang siya ay 'ayun, tutok sa nilalakaran at mukhang walang pakelam.

Hindi ko maintindihan kung bakit parang gusto ko biglang mag-inarte. Naiisip kong sabihin na 'wag na niya akong ihatid at kaya kong mag-isa. Pero dahil sa takot kong baka pumayag siya ay hindi na lang ako nagsalita pa.

"It's raining outside," aniya bago pa man kami makalapit sa entrance ng mall.

Napalingon ako sa labas at nakita kong ganoon nga kalakas ang ulan. Halos wala na akong maaninag sa sobrang lakas. At nang makalabas kami ay halos mapaatras kami pabalik dahil malakas na ampiyas nang magkahalong tubig-ulan at hangin.

"Hintayin nating humina," sabi ko saka tumingala. Hindi naman ako nakatanggap ng sagot dahilan para lingunin ko siya bigla.

Nakatingala na rin siya sa langit, at pinanonood ang libo-libong patak ng ulan. Bale-wala naman sana 'yon, gagaya na sana ako, ngunit napigilan ako nang malulungkot niyang mga mata. Hindi ko maintindihan kung bakit gano'n katindi ang sakit na nababasa ko ro'n. Bigla ay gusto kong magkaro'n ng kapangyarihang pigilan ang ulan. Ayaw kong makita ang lungkot at sakit na 'yon sa mga mata ni Sensui.

"Halika, sumugod na tayo," kunot-noong sabi ko, nagagalit sa hindi maipaliwanag na dahilan.

Inosente niya akong nilingon. Bigla ay nawala ang kaninang matinding lungkot na mababasa sa kaniyang mga mata. **"Baka magkasakit ka,"** kaswal na sabi niya.

Nabigla ako. Hindi ko maipalinawag kung paanong hinaplos ng mga salitang 'yon sa puso ko, maging ang mabilis na pagbabago ng nararamdaman ko. Ang galit ay agad nawala at napalitan ng landi.

"Sige, hintayin na lang nating tumila," napapabuntong-hininga akong nag-iwas ng tingin.

Hindi na siya nagsalita, at muling tumingala. Napailing ako at nanlumo nang makitang bumalatay muli ang lungkot sa kaniyang mga mata. *Ano ba ang nakikita niya ro'n sa ulan at gano'n na lang ang lungkot niya?* Naiinis akong makita siyang gano'n, at hindi ko maitatangging para na rin akong nasasaktan. Para bang meron siyang pinagdaraanan habang pinapanood 'yon

at hindi ko maintindihan. *Kung may naaalala man siya ro'n, ako naman kaya 'yon? Tss.*

"Halika, sumugod na talaga tayo!" angil ko nang hindi makatiis na panoorin siya.

"Nagmamadali ka ba?" kunot-noong baling niya. Talagang nawawala ang lungkot na 'yon sa t'wing mawawala sa ulan ang kaniyang paningin.

"Hindi," iwas-tinging sagot ko.

"Bakit gusto mong magpaulan?"

"Hindi sa gusto ko," bumuntong-hininga ako. **"Baka lang matagalan tayo."**

"Ayos lang sa 'kin 'yon, kaysa naman magkasakit ka." Nilingon ko siya matapos niyang sabihin 'yon. **"Ayaw ko ring magkasakit."** Sa isip ay hiniling kong sana hindi niya na lang 'yon idinugtong pa.

"May sakit na nga 'ko ngayon, eh," bago ko pa magawang mag-isip ay nasabi ko na 'yon.

"Ha?" nabibingi niyang tugon. **"You're sick?"**

"Sige, hintayin nalang nating tumila."

"Forget it, wait for me here," biglang aniya at walang alinlangang sinugod ang ulan.

Tuloy ay nakonsensya ako. Nakanguso ko siyang pinanood na lumapit sa sasakyang hindi naman pala ganoon kalayo. Nagmadali siyang sumakay ro'n at ilang saglit pa ay bumuhay na ay dahan-dahan na siyang nagmamaneho papalapit sa 'kin.

Nakasimangot akong ngumuso. **"Tss. Ang lapit lang pala, bakit sumugod siyang mag-isa?"** maktol ko.

Inayos ko ang sarili nang tuluyan siyang pumarada sa harap ko. Asta na sana akong lalapit nang magmadali siyang bumaba, at magpaulang muli, para lang gumilid at pagbuksan ako ng pinto. Wala sa sarili akong napatitig pa sa kaniya habang siya ay 'ayun hindi ko na marinig ang sinasabi. Dahil ang sandaling 'yon ay inalisan ako ng kakayahang makarinig.

"Get in!" Nagising lang ako nang sumigaw na siya.

"Sorry," natutuliro akong sumunod.

"Tsk," angil niya nang ipatong ang kamay sa ulo ko upang alalayan akong sumakay.

Hindi ko maipaliwanag ang pag-alon na 'yon sa puso ko habang ninanamnam ko ang ilang segundong 'yon. Hindi ako makapaniwalang ang isiping pumuyat sa 'kin ay gagawin niya sa 'kin. Naalala ko nang gawin niya

'yon kay Kim, at naiinis ako sa katotohanang gano'n pala ang pakiramdam no'n. Hiniling ko sa sandaling 'yon na sana ay hindi kami pareho nang naramdaman ni Kim.

"Nabasa ka tuloy," kunot-noong aniya saka nagmamadaling dumungaw sa likuran. Pagharap niya sa 'kin ay may hawak na siyang bimpo, at walang alinlangan iyong ipinunas sa mukha, ulo at braso ko.

Napatitig ako sa mukha niya. Napapamaang kong tiningnan ang mga kilay niyang magkasalubong. Ang labi niyang bahagyang nakaawang. At ang buto sa kaniyang lalamunan na talaga namang nakakaakit ng pagkakatambok.

Tambok...aissh! Napapikit ako sa inis. **"Ako na,"** inagaw ko ang bimpo sa kaniya.

Inaasahan kong maiinis siya at sasabihing bahala na ako sa buhay ko. Pero hindi iyon nangyari. Dahil sa halip ay pinanood niya akong punasan ang sarili ko. Mula sa buhok hanggang sa ilong ko. Babale-walain ko na sana siya pero hindi ko 'yon kinaya. Nang makita ko kasi ang malamlam niyang mga matang nakatitig sa 'kin ay hindi ko naiwasang mailang.

"What?" angil ko.

Hindi ako pwedeng magkamali nang makita ko siyang tila nanlumo. **"Are you sick?"** seryoso at kalmado niyang tanong.

"So what if I am?" matagal bago ako nakasagot. Hindi ko matagalan ang tingin niya kaya itinupi ko ang bimpo nang pagkabagal-bagal at ipinatong 'yon sa hita ko.

"Take care of yourself," malumanay niyang sinabi, puno ng pag-aalala.

Gusto kong mag-angat ng tingin sa kaniya pero ang nag-iinarteng parte ng pagkatao ko ay hindi ko maintindihan. Nagmamaktol 'yon sa hindi maipaliwanag na dahilan, pinipigilan akong sumang-ayon o sumagot man lang sa kaniya.

"Let's go home," na lang ang nasabi ko saka tumingin sa labas. **"Baka mas lumakas pa ang ulan. May lakad pa tayong pareho mamaya."**

"Susunduin kita."

Nagugulat akong napalingon sa kaniya. **"Talaga?"** Parang nagulat din siya sa isinagot ko, at hindi nakapagsalita. Nabawi ko bigla ang tingin at natutulirong nagkamot ng noo. **"Paano si Kimeniah?"**

"Si Kimeniah?"

"Kung gusto mo si Keziah," sa inis ko ay 'yon ang sarkastikong naisagot ko.

"Ano si Keziah?"

"Kapatid ni Kimeniah," kunot-noong sagot ko.

"What are you saying, Maxpein?" nalilito niya talagang tugon.

"Tara na kasi," pilit ang ngiti kong sabi, nilingon siya bago muling nag-iwas ng tingin. *Saan ba kasi nanggagaling 'yong mga kaartehan ko? Wala naman akong napag-aralang ganito sa nursing. Tsk.*

"Susunduin kita mamaya, okay?" pagtatapos niya sa usapan saka pinaandar ang sasakyan.

Tahimik kaming bumiyahe. Hinihintay ko siyang magsalita pero hindi 'yon nangyari. Hindi naman sa tinatamad ako pero natatakot akong magbukas ng topic sa pagitan namin. Mukha kasing wala siyang interes makipag-usap sa 'kin. Pero ang mga pinag-usapan namin, lahat nang iyon ay paulit-ulit lang sa isip ko. At napapapikit kong naiisip ang mga sinabi at isinagot ko sa kaniya. Nagsisi ako oramismo, gusto kong bawiin, kung pwede ko lang bawiin. Nakakahiya! Ako mismo ay nahahalatang may ipinagmamaktol ako nang walang dahilan.

Ano ba ang gusto mong mangyari, Maxpein? Tsk! Nakasimangot akong humarap sa bintana, halos tumalikod sa kaniya, para lang maitago ang sariling mukha. *Kung bakit naman kasi hindi niya ako kinokompronta? Ayaw ba niyang pag-usapan 'yong nakaraan namin?* Ngunit sa huli ay para rin akong natauhan. *Ang lakas ng loob mong maghamon ng komprontahan, eh, ikaw 'tong nang-iwan!*

"Are you asleep?" tanong niya bago pa man namin pasukin ang bukana ng Laguna.

"Why?"

"Just checking," dinig ko siyang bumuntong-hininga. **"Malapit na tayo sa mansyon ninyo."**

"Nakikita ko."

Dinig ko siyang tumawa nang bahagya. **"What's wrong with you?"**

Natutuliro akong napaayos bigla ng upo. Ayaw kong isipin niyang nagmamaktol ako, bagaman kinakabahan akong ramdam niya na 'yon. **"Wala, hindi maganda ang pakiramdam ko."**

"Dahil sa 'kin?"

"Hindi, ah," agarang sagot ko.

Nilingon niya ako at nginitian nang talaga namang pagkaganda-ganda sa paningin ko. Gusto kong kiligin nang husto dahil hindi ko nakitang gawin

niya 'yon kay Kim. Gusto kong magmalaki dahil alam kong ako lang ang nakakita no'n, dahil sa 'kin lang siya ngumingiti nang ganoon kagwapo.

"You can still come later, right?" seryoso niyang tanong, nagpapalitan ang tingin sa 'kin at sa daan.

"Of course," sagot ko. Nginitian niya na lang ako bilang tugon.

Katahimikan na uli ang nangibabaw hanggang sa maihatid niya ako. Nang pumarada sa harap ng mansyon ang sasakyan ay hindi ko na naman malaman ang iaasta. Hindi ako makapagdesisyon kung isasauli ang bimpo o ipagpapaalam na ibabalik na lang 'yon kapag nalabhan na. Hindi ko rin malaman kung paano siyang yayayaing pumasok muna. Nakakabastos tingnan na pauuwiin ko na lang siya basta. Pero sa kabilang banda ay nag-aalala akong baka tumanggi siya. Nakakalito. Maski ang magpaalam, kung uuwi man na siya, ay hindi ko alam kung paanong sasabihin.

"Sana gumanda ang pakiramdam mo bago dumating ang oras ng party," pagbabasag ni Sensui sa katahimikan.

"Ayos lang naman ang pakiramdam ko. Ibang sakit 'yong tinutukoy ko."

Umangat ang gilid ng kaniyang labi sa pagkakangisi. **"Anong sakit pala kung gano'n?"**

Sakit sa puso. **"Wala 'yon,"** pagtataray ko. **"Ingat ka pauwi."**

"Susunduin kita," mariing aniya. Sa tono ng pananalita niya ay talagang iyon ang gagawin niya. Tuloy ay para na namang linalapirot ang malandi kong puso.

"'Wag na," nagtaray ulit ako.

Natigilan siya at napabuntong-hininga. **"Okay, hindi na kita pipilitin,"** nakangiting sagot niya.

"Sige, ingat, at salamat," tinalikuran ko siya matapos sabihin 'yon sa pinakamataray kong paraan. Mukhang magugustuhan ko na ang pagtataray, sa hindi maipaliwanag na dahilan.

Nabigo ako nang umasa akong hahabulin pa niya ako at kukuwestiyonin ang pagloloko ng hormones ko. Pero nabigo ako. Sa halip kasi ay naramdaman ko siyang bumaba, at ilang saglit pa ay nasa harapan ko na siya.

Pagbubuksan niya ako ng pinto? Milagro ba 'to? Hindi ko maintindihan ang sarili ko. Kinukwestyon ko ang mga kilos niya gayong normal lang naman ang mga 'yon. At hindi ko lalo maipaliwanag ang dahilan kung bakit naiinis ako habang kinikilig sa mga gano'ng kilos at kaninang sinasabi niya.

"I'll go ahead," kaswal na paalam niya, walang ngiti o mapang-akit na tingin. Para lang siyang nakatingin sa isang kaibigan. Bigla ay nalusaw ang malapantasya kong naisip kanina.

Palihim akong bumuntong-hininga saka tumayo sa kaniya. Syempre, hindi ko hinayaang unahan niya ako, tinalikuran ko agad siya saka ako dumeretso papasok. Saka lang ako sumilip sa bintana matapos magsara ng pinto. Nakasimangot ko siyang pinanood na umalis.

"Lumabas kayo ni Deib?" Halos mapatalon ako sa gulat nang mangibabaw ang tinig ni Naih mula sa likuran. Halatang pinigilan niyang matawa at umastang nangongompronta.

"Nagkita lang kami sa mall, nagkataon."

Tumango siya. **"Wala kang dalang sasakyan?"**

Umiling ako saka ako naupo sa sofa. Ipinatong ko ang batok ko sa sandalan saka tumingala sa kisame. Ilang saglit akong nanatiling gano'n. Natinag lang nang maramdaman kong hindi naaalis ang tingin ni Naih sa 'kin.

"Bakit?" kaswal kong tanong.

"Wala," napapahiya niyang sagot at saka tinalikuran ako.

Nakasimangot akong ngumiti. *Ano ba'ng problema nila? Tss.*

NAIH'S POV

KALAHATING ORAS bago sumapit ang oras ng party ay nakapaghanda na ako. Susunduin ako ni Lee kaya ayaw kong mahuli. Nakangiti kong kinuha ang regalo ko kay Tob, excited akong ibigay sa kaniya iyon.

Nasa ganoon akong sitwasyon nang pumasok sa kwarto si ate. **"Oh, ngayon ka palang maliligo?"** tanong ko.

"You look perfect!" papuri niya sa 'kin. **"Mauna na kayo ni Lee, susunod na lang kami ni Maxpein."**

Psh, may sarili na namang entrada. Nakangiwi ko lang siyang tinanguan at pinanood na magmadali palabas ng kwarto. *Ano na naman kaya ang ginagawa no'n kay Maxpein?* Kung ano ang plano nila ay hindi ko alam. Hindi ko na uli nakausap si Maxpein mula nang makabalik siya kanina.

Gaya nang inaasahan, mayamaya lang ay dumating si Lee para sunduin ako. Feel na feel ko tuloy ang suot ko dahil gaya ni ate ay pinuri niya ako sa suot at ayos ko.

Simpleng party lang ang inihanda ni Tob. Close friends lang ang imbitado, syempre, kompleto kaming magkakaibigan do'n.

Nang makarating ay nakipagbatian ako sa barkada namin. At hindi pa man nakakaupo ay nagsimula na kaming magkwentuhan. Hindi pa nagsisimula ang party, wala pa rin masiyadong bisita. Si Deib Lohr at ang kaniyang pamilya ay wala pa. Maging sina Kimeniah at Keziah ay hinihintay pa.

Sa napakagarang garden ng mga Yanai ginanap ang party ni Tobi. Sa aming magkakaibigan si ito ang may pinakamalawak na bakuran. Para akong nasa ibang bansa sa t'wing pupunta ako dito. The garden is designed in the style of different historical periods. Nakapalibot ang square na yew hedge plants at sa gitna niyon ay fountain na may hugis na letrang Y. Nakahilera naman ang naglalakihan at nagtataasang topiary trees na hindi mabilang, papunta iyon sa simple ngunit umiilaw nilang swimming pool.

Gaya nang nakasanayan ay ako, si Migz, si Ate Yaz at Randall ang taya sa entertainment. Hindi na talaga mawawala 'yon sa 'ming magkakaibigan sa t'wing may ganitong klase ng okasyon. Kahit noong mga panahong wala si Maxpein, nagdadaos kami ng selebrasyon. Hindi ko nga lang makakalimutan 'yong magkakasunod na taon kung saan lugmok sa kalungkutan si Deib Lohr. Mapa-birthday niya o ng kaibigan niya, hindi niya makuhang magsaya. Natatandaan ko pa kung ilang beses siyang nagalit sa amin, dahil taon-taon na lang, t'wing may okasyon, sinasasabi niyang nakita niya si Maxpein. Kahit na hindi naman. Namamalik-mata siyang parati, pero parati niya rin 'yong ipinaglalaban at pinaninindigan.

Hindi rin naging madali ang pinagdaanan ng pagkakaibigan namin. Halo-halong emosyon ang naramdaman namin. Kaya nakakatuwang makita na naibalik na ni Deib Lohr ang dating sigla, hindi dahil nakabalik na si Maxpein, kundi dahil natutunan niya nang mabuhay nang wala siya.

"Nagkausap na kayo ni Max, sweetie?" malambing na tanong ni Lee sa gitna ng katuwaan naming magkakaibigan. Si BJ ang kasalukuyang bida sa usapan, inaasar at tinutukso nila ni Migz si Michiko.

"Tungkol saan?" pilit ang ngiti kong tanong.

"Sweetie..." Alam ko na ang pinupunto niya.

Pasimple akong bumuntong-hininga saka hinaplos ang pisngi niya. **"Magkakausap din kami, sweetie, don't worry."**

"Kailan?"

"Kapag ready na siya," iniwasan kong maging sarkastiko. Napabuntong-hininga na lang siya at hindi na tumugon pa.

Kilala ko si Maxpein, at nasisiguro kong hindi niya alam kung paano kaming pakikisamahan ngayon. Nararamdaman kong naiilang siya at may kung anong pakiramdam na nag-a-isolate sa kaniya sa amin. Sa tagal nang panahong hindi namin siya nakasama, talagang napakaraming nagbago. Pero ang turing ng mga taong ito ay hindi nagbago para sa kaniya. Saksi ako sa lungkot nila nang malaman naming wala na siya, lahat kami ay apektado. Naranasan naming pare-pareho ang kakulangan sa buhay namin. May minsan pa ngang um-attend kami sa birthday celebration ni Jep sa TB. Pero nagtila lamay 'yon sa sobrang tahimik, may iyakan pa nga. Lahat kami ay kani-kaniya ng iniisip. Taon din ang lumipas bago namin natutunang magpatuloy sa buhay.

At napanood ko rin kung gaano sila kasaya nang malamang mali ang nalaman naming balita. Lahat 'yon ay hindi nakita o nalaman ni Maxpein.

Hinihintay ka lang namin, Maxpein. Hinihintay ka lang namin.

"Hi, guys!" Sabay-sabay kaming napalingon sa likuran nang mangibabaw ang tinig ni Kimeniah. Magkakasunod kaming tumayo upang batiin siya ng halik at yakap.

"Oh, wala pa si Tobi?" Mula sa likuran ay lumabas naman si Deib Lohr. Hindi ko na kailangang itanong, mukhang magkasabay na dumating ang pamilya nila.

"Nagpapatulong sigurong isuot ang gown niya, debutante, 'dre," biro ni Lee saka yumakap sa kaibigan.

Lumapit ako upang yumakap din sa mga bagong dating. Tuloy ay napanood ko kung paanong gumala ang paningin ni Deib Lohr na tila may hinahanap. Nang walang makita ay saka siya masiglang bumaling kay Lee at nakipagbiruan. Iba ang sigla niya noong hindi pa bumabalik si Maxpein. Pero imbes na madagdagan iyon ngayong nakabalik na ito, mukha pang nabawasan.

Agad naging abala ang mga magulang sa huntahan. Panay ang papuri sa isa't isa na akala mo'y kaytagal na hindi nagkita.

Kasalukuyang maingay ang parte na 'yon ng bahay ni Tob nang mangibabaw ang pagharurot ng sasakyan. Mukhang nandiyan na ang mga Moon, pamilyar sa 'kin ang tunog ng sports car na iyon.

"Nandiyan na si Maxwell," anunsyo ni Randall, sumulyap kay Keziah na noon ay matamis na ngumiti at umayos ng upo.

Hindi nga siya nagkamali dahil agad na bumungad sa 'min si Hee Yong kasunod ang amo na preskong-presko. Magkakasunod na naglakad ang mga

magulang na Moon at sa huli ay 'ayun si Maxwell. Na talaga naming nangingibabaw sa kanilang pamilya dahil sa hitsura. Tuloy ay hindi ko naiwasang matawa dahil parati na lang siyang nakatatanggap ng papuri sa mga taong hindi naman na unang beses siyang makita.

"Wala pa si Maxpein?" hanap ni Randall, agad na sinalubong ang matalik na kaibigan.

"May asawa ka na't lahat, hinahanap mo pa ang kapatid ko," inilingan siya ni Maxwell. **"Hi, Keziah,"** pormal niyang bati rito, matamis ang ngiti.

"Panay ang pa-cute mo, palibhasa'y wala 'yong selosa dito," pabulong na pang-aasar ni Randall.

"Will you please?" mayabang na isinuko ni Maxwell ang parehong kamay sa kaibigan.

Natawa na lang si Randall. **"Oh, 'eto na si Tob!"**

Nakakaloko ang tawa nina Lee at Deib Lohr nang makitang malayo palang ay napakalawak na nang pagkakangiti sa 'min ni Tob. Iyong ngiti na sa kaniya lang makikita, gwapo pero nakakatawa. Para bang napakatagal niyang pinaghandaan ang simpleng party na 'yon at gano'n na lang ang excitement niya.

"Ang tagal ng preparasyon mo, eh, wala namang nagbago sa hitsura mo," napaka-bully pa rin talaga ni Deib Lohr. Mahigpit siyang yumakap sa matalik na kaibigan saka ito binati, **"Happy birthday, Tobi, 'dre."**

"Did you put makeup? Sumobra ang kinis mo," maging si Lee ay inasar ang kaibigan. Hindi na yata mawawala sa kanila 'yon. **"Happy birthday, Tob."** Sabay-sabay na nagyakap ang tatlo.

"Salamat, mga ugok! Pinasasama ninyo muna talaga ang loob ko bago ninyo pagaanin!" kunyaring angil ni Tob.

Isa-isang lumapit sa 'min si Tob at nakipagpalitan ng batian. Mayamaya pa ay nagpaalam siya at lumapit sa iba pang bisita. Nakakatuwa na lahat kami ay pinanonood siya. Sa tagal kasi ng panahon ay ngayon lang siya nagkaroon nang ganoong party. Nagkakataon talaga kasi na may pasok siya kaya nauuwi sa dinner date ang selebrasyon niya.

"Hi, everyone! I'm here na! Hi!" walang ano-ano'y nangibabaw ang napakalakas na boses ni ate. Animong konsehala kung makaanunsyo ng pagdating niya habang kumakaway pa.

Sinayang niya ang kaniyang suot, kung pinairal na lang sana niya ang kaartehan. Maiksi at hapit na hapit ang suot niyang bodycon dress na halos

kakulay niya. Maging ang pagkataas-taas niyang stiletto ay gumagawa ng ingay habang naglalakad siya sa batuhan. Para siyang lasing na pusa kung maglakad. Halos lumampas sa tagiliran niya ang pagkakahakbang ng bawat paa, ang bewang ay kumekembot pa nang bongga. Ang bawat hampas ng kamay niya ay gumagawa rin ng sariling eksena.

"Maganda na sana ang suot mo, hindi nga lang bumagay sa ugali mo," pabulong na bati ko nang makalapit siya.

"Ugh!" napahawak siya sa dibdib na akala mo sobrang nasaktan. **"Of course! Kompara naman sa 'yo, hindi pa nag-aasawa ay mukhang losyang na."**

Napamaang ako sa sinabi niya at pinasadahan ng tingin ang suot kong monarch midi dress. **"Ang sabi mo kanina ay maganda ako,"** angil ko.

"Then I lied," bigay na bigay siyang umikot habang sinisiringan ako saka lumapit kay Tob. **"Tob! Happy birthday!"** inilahad muna ni ate ang regalo dito bago nakipagbeso.

"Hay, naku," nakangiwi akong nag-iwas ng tingin. **"Kailan ba ako masasanay sa kaartehan ng kapatid kong 'yan?"** angil ko saka bumaling sa mga kaibigan.

Natatawa nilang pinanonood si ate na noon ay hlos agawin ang atensyon ng lahat sa sobrang lakas ng boses. Maliban kay Deib Lohr na noon ay pilit ang ngiti, nagpapalitan ng tingin kay ate at sa basong hawak.

"Teka, nasaan si Maxpein?" tanong ni Tob na napakalakas din ng boses, akala mo naghahanap ng nawawala.

"'Ayun!" itinuro ni ate, dahilan para sabay-sabay na mapalingon doon ang lahat. Hindi ko nakita si Maxpein, palibhasa'y iyong gawi ng mga topiary tree ang itinuro ni ate. **"Pakisundo mo nga, Deib Lohr,"** dagdag ni ate dahilan para mapalingon ako dito.

Nagulat kaming lahat nang iutos 'yon ni ate, lalo na si Deib Lohr. Pero agad siyang nakabawi at pilit na ngumiti. **"Sige,"** inilapag niya ang baso saka naglakad papalapit sa gawing 'yon.

Hindi pa man tuluyang nakalalapit si Deib Lohr ay natanawan na namin si Maxpein na naglalakad sa pathway na pinaggigitnaan ng nagtataasang topiaries. Hindi ko lubusang makita ang hitsura niya, bagaman nasisiguro kong si Maxpein nga iyon, sapagkat walang isang dipa ang pagitan ng topiary sa isa't isa. Pare-pareho pa tuloy kaming napapahakbang para lang masabayan ang galaw ni Maxpein na noon ay marahan namang naglalakad.

Hindi ko rin maklaro ang suot niya sapagkat may itim na coat na nakapatong sa balikat at bahagyang nakayakap sa katawan niya.

Aaninawin ko pa sana lalo si Maxpein pero natigilan ako sa pagbabago ng kilos ni Deib Lohr. Sa halip kasi na lapitan ito ay sinabayan niya sa paglalakad si Maxpein habang nasa pagitan nila ang malalaki at nagtataasang halaman. Dahan-dahan siyang naglakad habang nakalingon kay Maxpein, na 'ayun at akala mo naglalakad sa botanical garden. Panay ang lingon at tingala sa kung saan at walang pakialam sa mga matang nagmamasid sa kaniya.

"That's Maxi, mamita," nangibabaw ang tinig ni RD, napalingon ang ilan sa kaniya.

"Yes, baby, that's your Ate Maxi!" magiliw na ani Tita Lacey.

"She's Tito Deib Lohr's friend, right?"

"Future wife, baby."

"Is she blind?"

"What?" nautal si tita. **"You're bad, baby, of course she's not."**

"Why can't she see tito?"

"She's...well, she's just like that, baby," napailing na lang si tita.

Natatawa kong nilingon uli ang dalawa. Bigla ay para bang gusto kong kiligin. Sa palabas ko lang kasi nakikita ang gano'n. 'Yong inosenteng naglalakad ang isa, hindi nalalaman na meron na palang pares ng matang nakamasid sa kaniya.

Ngunit mayamaya lang ay napansin ko ang kakaibang hitsura ni Deib Lohr. Salubong ang mga kilay niya at bahagyang nagugulat ang mga mata. Hindi sila kalayuan upang hindi ko 'yon makita. Nasisiguro akong may dahilan kung bakit bigla siyang umasta nang ganoon.

"Iba talaga ang mga trip ni Max, 'no?" pabulong na ani Migz. **"'Yong mga tipong gabi ng lagim, gano'n."** Walang pumansin sa kaniya. Lahat kasi kami ay tutok sa eksena ng dalawa. Nalilito kung bakit gano'n ang iniaasta nila.

Bago makarating sa dulo ng pathway, sa gawing hindi na namin makikita dahil papaliko na, ay linapitan na ni Deib Lohr si Maxpein. Kaswal silang nagtitigan na animong nagkakaintindihan. Ang mga mata ni Deib Lohr ay nagtatanong habang ang mga mata naman ni Maxpein ay sumasagot. Nakakalito, at talaga namang nagdudulot ng kung anong tensyon.

"Wait a minute," nangibabaw ang tinig ni ate, sinisira ang magandang eksena. **"Bakit magkatabi kayo?"** mataray niyang tanong,

nakapamaywang at nakatunghay kina Keziah at Maxwell.

Dahan-dahang nag-angat ng tingin si Maxwell sa kaniya. **"I'm not here to mingle with you, Zaimin Yaz, quit butting in."** Natawa lang si Keziah, sumimangot naman si ate.

"Ooh," nakakalokong ungol ni Randall. **"You see there's plenty of fish in the sea, but my friend right here suck at fishing!"** tinapik niya ang balikat ni Maxwell.

"Shut up, and keep your distance, E," masungit na ani Maxwell. Nananatili siyang prente sa pagkakaupo, magkakrus ang braso, saka muling tinanaw ang kapatid na animong nanonood ng palabas.

Gustuhin man naming matutok kina Maxwell at ate, inaagaw nina Deib Lohr at Maxpein ang atensyon namin. Na noon ay wala pa ring palitan ng salita, nananatili lang na nakatingin sa isa't isa.

"Ano ba ang ginagawa nila?" kunot-noong tanong ko. Nagkibit-balikat lang si Lee at nakangiting tinanaw ang kaibigan.

Muli ko ring tinanaw ang dalawa pero papunta na sila sa gawi namin. Nauuna si Maxpein, habang si Deib Lohr ay tila malalim pa rin ang iniisip habang nakamasid sa kaniyang likuran.

"Happy birthday," bungad ni Maxpein saka yumakap kay Tob.

Hindi agad nakatugon sa tuwa si Tob, mahigpit siyang yumakap kay Maxpein saka dumila kay Deib Lohr. **"You made this night special, Maxpein. Thanks for being here."** Minsan pa uli silang nagyakap saka kami hinarap ni Tob. **"Grabe, ang bango mo!"** nang-aasar niyang sinulyapan si Deib Lohr, umaasang magseselos ito. Pero nabigo siya dahil hindi man lang nagbago ang hitsura nito, blangko. **"So...simulan na natin ang party?"**

"Ah, party nga pala 'to, 'te! Akala ko movie screening!" biro ni BJ. **"Sobra kasing tahimik, at ang daming eksena."**

Nagsimulang mag-serve sa magkakalapit na mesa ang mga waiters at maids. Magkakasama sa mahabang mesa ang mga magulang, magkakasama kaming magkakaibigan sa isa pang mahabang mesa. Salamat at malalakas ang boses naming lahat, hindi kami mahihirapang magkarinigan. Well, maliban sa tatlong magkakapatid na madalang na ngang magsalita, animong bumubulong pa, at may kani-kaniyang mundo.

Si Maxwell ay panay ang tingin sa bawat anggulo ng mga plato, kutsara at baso sa kaniyang harapan. Hindi siya nagsisimulang kumain hangga't hindi niya nakikitang pantay na pantay ang bawat isa. Kailangang eksakto

ang layo nang pagkakalapag ng kutsara sa plato, gano'n din ang tinidor. Maging ang baso ay kailangang wala anumang dumi dahil paniguradong hindi na siya kakain pa. Nasanay naman ako sa gano'ng ugali ni Maxwell, hindi ko nga lang maiwasang matawa hanggang sa ngayon.

'Ayun si Maxpein na wala pa man ay parang napapagod nang magsalita. Kung magsalita naman ay napakahina na para bang paos, hindi pa man gano'n karami ang sinasab. Napakatahimik at kung makatulala ay para bang wala nang ibang tao ro'n bukod sa kaniya. Walang nagbago. Parang walang nangyari.

Si Maxrill naman, bagaman may malaking ipinagbago, bumabalik ang nakasanayan ko nang ugali niya sa t'wing may kaharap na pagkain. Kung wala siguro kami ro'n ay nagsalo na sila sa plato ng kaniyang aso. Sinadya niyang abalahin ang mga taga-silbi para ipag-ayos ng maliit na mesa ang kaniyang aso. Pinaalis niya ang sariling ama sa kinauupuan nito, para lang ibigay sa alaga ang silya. Ipinuwesto niya ang aso sa tabi at doon sila bumuo ng sariling mundo, iyong silang dalawa lang.

"Come here, Pein," ani Maxwell. Talagang tumayo siya upang alalayan ang kapatid na maupo.

At ang mas kahanga-hanga pa ro'n ay maagap niyang inalis ang coat na nakapatong sa mga balikat ng kapatid. Tuloy ay tumambad sa 'min ang magandang suot ni Max. Itim na bodycon off-shoulder dress iyon, na may plunging neckline. Napakaiksi at talaga namang hapit na hapit.

Maayos ang pagkakatali ng kaniyang buhok at hugis rosas ang disenyo ng pagkakaikot sa likod. May ilang hibla sa magkabilang gilid ng kaniyang mukha na sinadyang kulutin. Tuloy ay napapansin ang magkabilang buto niya sa bandang balikat. Maging ang dibdib ni Maxpein ay kapansin-pansin ngunit hindi bastos sa paningin.

At bagaman may suot na choker ay nagmukha pa ring mahaba ang leeg niya. Maging ang hikaw niya ay plain lang na itim pero pinag-aangat lalo ang kaniyang ganda. Ang itim na high heels niya ay kumikinang nang kusa sa t'wing masisinagawan ng ilaw.

Napakaganda niya! Siya lang ang nakilala kong nakapagsusuot nang purong itim pero nagagawang pangibabawin ang sariling ganda at yabang.

Tuloy ay hindi magawang alisin ng karamihan ang tingin sa kaniya. Talagang hindi siya pinababayaan ni ate sa mga okasyong ganito. Siya ang pumalit sa 'kin, palibhasa'y lagi akong nakabusangot at nakaangil sa t'wing

aayusan ni ate. Hindi ko madalas nagugustuhan ang taste ni ate sa pagpili ng damit na para sa kaniya ay bagay sa 'kin.

Pasimple akong sumulyap kay Deib Lohr na noon ay hindi rin maalis ang paningin kay Maxpein. Nag-iwas lang siya nang magtama ang paningin nila. Gusto kong matawa.

"Ang ganda mo lalo, Max, ah?" nakangiting ani Tob, hindi mawala ang paghanga sa mga mata. **"Mukhang may dahilan ang kakaibang ganda mo, ah?"**

Inosente siyang tiningnan ni Max. **"Naayusan lang. Thanks to Yaz,"** tinapunan niya ng ngiti ang kapatid ko na noon ay nakanguso sa isang tabi. Paniguradong kaya siya nagmamaktol ay dahil magkatabi pa rin sina Keziah at Maxwell.

"Kumusta ka na nga pala?" tanong ni Tob. Sabay-sabay na napalingon kay Maxpein ang lahat nang naro'n, maliban sa dalawang kapatid niya.

Natigilan si Maxpein at isa-isang tiningnan ang lahat. Ang tipid niyang ngiti ay unti-unting naging peke. Para bang gano'n kahirap sagutin ang tanong na 'yon. Inaasahan ko nang gano'n ang magiging reaksyon niya. Sa takbo kasi ng isip ni Maxpein ay nasisiguro niya na ang kahahantungan ng usapan na 'yon. At nasisiguro kong naiisip niya na ngayon na hindi lang 'yon ang tanong, masusundan at masusundan 'yon. Lalo na at si Tob ang nagtanong.

Hindi ko naman naiwasang ma-excite. Talagang kahanga-hanga si Tob sa larangan ng abogasya. Ang pinaghalo niyang talino at kalokohan ay mas pinagagaling siya. Magaling na siyang magpaikot ng usapan, bagay na kay Maxpein ko lang noon nakikita. Bukod do'n ay magaling humanap ng lusot si Tob, dahilan para magawang magkwento nang magkwento ng kung sinumang kausapin nito.

Pero hindi ko pwedeng maliitin si Maxpein. Palibhasa'y mayabang, paniguradong hindi ito magpapatalo. Lalo pa at isa ring matalino.

"Ayos naman, gano'n pa rin," naiilang na sagot ni Max, nag-iwas ng tingin. Hindi ako nagkamali. Lahat ng ikinikilos at reaksyon niya ay inaasahan ko na. Para bang isa-isa ko nang sinabi sa isip ang mga 'yon bago pa man niya magawa.

"Ang tagal mong nawala," bagaman nakangiti ay hindi naitago ni Tob ang pagiging seryoso. **"Anong mga nangyari sa 'yo no'ng mga panahong 'yon?"**

Napatitig si Max sa kaniya saka napabuntong-hininga. Talagang nahihirapan siya sa sandaling 'yon. Mukhang hindi napaghandaan ni Maxpein ang gano'ng sitwasyon. **"Marami,"** muntik pa siyang mautal. Sa pagiging tutok, maging ang paglunok niya ay nakita ko. **"Sobrang dami."**

"Tulad ng?" patuloy ni Tob, puno ng kuryosidad.

Malalim na hininga ang pinakawalan ni Maxpein. **"Nakapagtapos ako ng kolehiyo sa ibang bansa."**

Seryosong tumango si Tob. **"Hindi ka nahirapang mag-aral do'n? I mean,"** nagkibit-balikat siya. **"It's not easy to adapt to a new environment, dealing against new people."**

"Ayos lang," nakangiting nag-iwas ng tingin si Max.

"Pero...ano nga ba talaga ang nangyari?" bigla ay sumeryoso si Tob. **"Bakit nabalitang namatay ka?"**

Natigilan si Maxpein at nangapa ng sagot. Hindi niya obligasyong magpaliwanag sa kahit kanino. Pero kaibigan niya ang mga ito, mag-uusisa at mag-uusisa ang kaibigan kahit ano pang selan ng usapan.

Ang totoo ay hindi ganoon kalawak ang nalalaman ko. May mga ibinahagi sa akin si Sensui, dahilan para magkaroon kami ng parehong reaksyo nang makabalik siya. Hindi kami galit, hindi kami nagtatampo, hindi kami gumaganti, hindi kami naghihinanakit. Naghihintay lang kami sa bagay na mukhang nakakalimutan niya.

Tahimik akong nakinig at nanood. Gusto kong makita at malaman kung paanong sasagutin ni Maxpein ang ganoong tanong. Hindi gano'n kalawak ang nalalaman ng mga kaharap niya ngayon. Pero hindi bulag, pipi at bingi ang mga ito para walang malaman kahit papaano.

"May mga batas kasing sinusunod ang pamilya ko, isa ro'n ang nalabag ko kaya naparusahan ako." Hindi ko inaasahang magpapakatotoo si Maxpein. Pero talagang kahanga-hanga ang gano'ng abilidad niya. Ugali niyang magtago ng tunay na sagot sa mababaw na sagot. Nakapagbigay siya ng sagot at dahilan sa tanong ni Tob, kahit na hindi niyon lubusang nasasagot ang tanong na 'yon.

"I see. Ang mahalaga ay nandito ka na ulit. Nakakamatay kasi 'yong lungkot." Nakangiting tumango si Tob, mukhang nakuha ang pasimpleng pagtatago ni Max. Hindi naman na lingid sa kaalaman ni Tob ang ugali ni Max. Kung gusto nitong ipagsabi ang isang maselang katotohanan, hindi ito mag-aalinlangan. Hindi na kailangang magtanong nang sinuman, dahil kusa niya 'yong sasabihin.

Pero hindi sa lahat ng oras ay may makakaintindi sa dahilan mong 'yon, Maxpein.

"Kumain na tayo!" masayang ani Tob. Parang nakahinga naman nang maluwag si Maxpein nang matapos ang usapan doon.

Nagsimula ang salo-salo. Hindi pa rin nawawala ang kwentuhan at tawanan dahil kasama na talaga 'yon sa t'wing may handaan. Nakangiting nakikinig si Max, panay ang sulyap kay Deib Lohr, habang ang lalaki naman ay may partisipasyon sa usapan. Talaga namang nakakalungkot ang nangyari sa relasyon nila. Pero sa sandaling 'yon, kahit may nalalaman na ako, na kay Deib Lohr pa rin ang panig ko.

"Mauuna na kami," natinag ang lahat nang lumapit si Mokz sa mesa namin, kasunod niya sina Maze at More. **"Maxrill, are you going to stay here?"** Inilingan siya ng apo saka agad na tumayo. Hindi man lang nag-abala si Maxrill na magsalita, sa halip ay pinagtatapik niya ang lahat ng nakaupo at kinawayan. Napailing ako nang makita ko ang ugali ng ate niya sa kaniya.

"Magpapaalam na kami," nakangiti at pormal na ani More. Sinagot naman siya ng lahat. **"Maxpein, Maxwell, 'wag na kayong magpagabi at maaga pa tayo bukas."**

"Saan ang punta natin, tito?" epal na tanong ni ate.

Natawa si More. **"Sa Palawan."** Halos mawala ang mga mata niya sa pagkakangiti. **"Aasikasuhin namin ang ospital ni Maxwell."**

"Gosh, excited na akong mag-empake!" tili ni ate.

"No," palag agad ni Maxwell, sarkastikong tumatawa. **"You're not joining us."**

"Bakit ba?" mataray na ani ate.

"May trabaho ka, hindi ba?" seryosong ani Maxwell.

"Okay lang naman sa 'kin kung masibak ako. Kaya naman akong buhayin ng mapapang-asawa ko," nakangusong pinagkrus ni ate ang mga braso.

Ngumisi si Maxwell. **"Talaga? Nakalabas na ba sa imahinasyon mo 'yang boyfriend mo?"**

"Oo," nakangising ani ate. Ipinatong niya ang mga siko sa mesa at deretsong tinunghayan si Maxwell. **"'Eto na sa harap ko,"** aniya habang deretsong nakatingin dito. Nagtawanan ang mga Moon at lahat nang naro'n maliban sa magkakapatid. Tumitig lang ang tatlo kay ate na para bang napakaraming kulang sa biro niya kaya hindi nila nakuhang makitawa.

"My god, ate, kukumbulsyunin yata ako sa mga sinasabi mo!" iritableng sabi ko.

"Pwede akong sumama, Lolo Mokz, 'di ba?" maarte at nagpapa-cute na ani ate. **"Kakailanganin ninyo ako ro'n, I'm sure!"**

"You're welcome there, of course you can join us," sagot ni Maze.

Napapailing na bumuntong-hininga si Maxwell saka bumaling kay Keziah. **"Ayos lang ba sa 'yong kasama siya?"** nakangiting tanong niya dito. Nanlaki ang mga mata ng lahat, maging ni Keziah!

"Ha?" nauutal na ani Kez. **"Ah, of course,"** parang napilitan na lang siyang sumang-ayon nang maging makahulugan ang tingin ni Maxwell.

"Wait, what?" mataray na ani ate, hindi nakita ang inasta ng dalawa sa harapan. **"Kasama ka na naman?"**

"Ah," napilitang ngumiti si Keziah saka natawa at nagkibit-balikat.

"Eh, di sumama na tayong lahat!" ani Tob. **"Pwede ako, three days!"**

"Sure," ani Lee na sumulyap pa sa 'kin, ngumiti lang ako. Napalingon kami kay Deib Lohr na noon ay abala sa nginunguyang karne.

Inosente niyang tiningnan ang lahat saka sumimsim ng wine. **"Of course, I'll be there,"** pinunasan niya ang bibig. **"Kinuha ako ni Maxwell,"** kaswal niyang dagdag.

"Ayos!" excited na ani Tob. Natuwa naman ang lahat.

Bagaman biglaan ang planong 'yon, hindi 'yon magiging problema sa mga Moon. Syempre, laging nakahanda ang eroplano at mga chopper nila kung sakali mang maraming gustong sumama sa kanila.

Nagtuloy kami sa selebrasyon nang makaalis na ang mga Moon. Nagpaalam na rin mayamaya ang mga magulang at pumasok naman upang magpahinga ang mga kamag-anak ni Tob. Kaming magkakaibigan na lang ang natira ro'n at nagkatuwaan.

Naglabas ng alak si Tob at pinagsilbihan kaming lahat. Inilabas naman ni Randall ang makapangyarihan niyang gitara at keyboard piano saka sinimulang kumanta. Talagang kahit siya magpunta ay hindi mawawala ang instrumento niya. Nakisabay ang dalawang bakla sa pagkanta dahilan para mawalan ng katahimikan ang gabing 'yon. Hindi pa man kami mga lasing ay sobra na naming ingay.

Syempre, ang mga mata ko ay tutok lang kina Maxpein at Deib Lohr. Nakikisalo sa kasiyahan si Deib Lohr habang si Maxpein ay tahimik at abala sa pagmasid sa kaniya.

"Kantahan mo naman ako, Yaz," suyo ni Tob. **"Isasayaw ko lang ang girlfriend ko."** Ganadong nagpakitang gilas si Randall na agad kinalabit ang strings ng gitara.

Lumabi ang kapatid ko, nawala ang kaninang saya niya dahil sa asar kay Maxwell. **"Wala ako sa mood,"** angil niya dahilan para malungkot ang magnobyo, at mahinto naman si Randall sa pagtipa. **"Ayoko niyang gitara, kunin mo 'yong piano, 'yon ang gusto ko. Dalian mo,"** umismid siya kina Maxwell at Keziah.

Hay, naku, talaga naman! Napakaarte! Umirap ako na halos ikahilo ko. Naiinis ako na natatawa sa gano'ng ugali ni ate. Kung bakit naman kasi panay na nga ang habol niya kay Maxwell, ipinapakita niya pa ang pagiging desperada. *Hindi na lang kasi gumaya sa 'kin. Pasimple lang lumandi pero nagustuhan din ni Lee! Gano'n dapat! Gano'n 'yon, ate! 'Sus!*

"What are you going to sing, lady?" nakangising tanong ni Randall.

"Killing me softly, 'dre," banat ni Tob dahilan para humagalpak ng tawa ang lahat, lalo na ako.

"Ayoko na!" singhal ni ate.

"Joke lang, Yaz," sumuko agad si Tob.

"'Tse! Iabot mo sa 'kin 'yong piano!"

"Joke lang 'yon, 'uy!" nakangising panunuyo ni Tob saka bumulong dito at kumindat.

Natatawa ko pa ring nilingon si Maxwell. Mabilis na gumapang ang masama niyang tingin mula sa tainga ng ate ko papunta sa mga labi ni Tob. Kung bumubuga siguro ng apoy ang mga matang 'yon ay hindi lang ang dalawa ang natupok. Maging ang sunod-sunod niyang pagtungga ng alak ay napanood ko.

Maybe it's intuition but some things you just don't question. Like in your eyes I see my future in an instant. And there it goes I think I've found my best friend. I know that it might sound more than a little crazy but I believe.

Natahimik ang lahat nang magsimulang kumanta si ate. Nakakabilib lang dahil hindi sila nag-usap ni Randall pero agad nitong nakuha ang tono ng kanta niya. At kahanga-hanga na napagpapalit-palit nila ang tono at kanta nang hindi nasisira.

You gave me a reason for my being and I love what I'm feelin'. You gave me a meaning to my life, yes, I've gone beyond existing. And it all began when I met you.

Nakangiting tumayo si Tob at magiliw na tumango at naglahad ng kamay sa girlfriend. Ngiting-ngiti ring tinanggap iyon ni Michiko. Tuloy ay napangiti ang lahat habang pinanonood silang magpunta sa harapan. Nakakatuwa na kahit walang kahit anumang disenyo o entablado ang parte na 'yon ng garden ay nagmukhang espesyal nang magsimula silang sumayaw.

I just can't believe that you are mine now. You were just a dream that I once knew. I never thought I would be right for you. I just can't compare you with anything in this world. You're all I need to be with forevermore.

Nakangiting tumayo si Tob at magiliw na tumango at naglahad ng kamay sa girlfriend. Ngiting-ngiti ring tinanggap iyon ni Michiko. Tuloy ay napangiti ang lahat habang pinanonood silang magpunta sa harapan.

"Ang taray ng lola mo, nag-medley!" palahaw ni BJ habang pumapalakpak. Pabiro niyang pinupuri ang pagpapalit ng kanta nina Randall at Ate Yaz.

"Yes! Kinabog ang Eerah Anitha, ang punyaterang pambato ng mga Rewis," nagmamalditang sabad naman ni Migz. Talagang kahit anong ingay ng paligid, basta nagsalita ang dalawa ay nangingibabaw sila.

Then you came, you brought me out of the shell. You gave the world to me. And before I knew, there I was so in love with you.

Nakakatuwa na kahit walang kahit anumang disenyo o entablado ang parte na 'yon ng garden ay nagmukhang espesyal nang magsimulang sumayaw ang dalawa. Nakakahawa ang ngiti nila. At kahit na in love ako ay para bang naiinggit pa rin ako sa kanila.

Palibhasa'y tatlong kanta ang pinaghalo nina ate at Randall, naging mahaba 'yon dahilan para magtagal sa pagsayaw ang dalawa. Hindi man lang sila nagkakasawaan, at sa halip ay mas tumatamis pa ang ngiti at titigan nila.

Hindi namin maiwasang matuwa dahil alam naming sa gabing 'yon ay si Tob ang pinakamasaya.

"Let's dance," bulong sa 'kin ni Lee, hawak niya na agad ang kamay ko.

Nakangiti ko siyang nilingon. **"Sisirain mo naman 'yong moment ni Tob."**

"Tsh. He's too in love to be distracted," aniya saka ako hinila papatayo.

Muling nagpalit ng kanta sina ate, nakakatuwa lang na gustong-gusto ko ang kanta. Bagay na bagay ang boses nila ni Randall.

Mayamaya pa ay sumuko sa pagtugtog at pagkanta si Randall, si Migz naman ang pumalit at sinaluhan ni ate. Niyaya ni Randall ang asawa sa gitna at nakisabay sa 'ming sumayaw. Nakakatuwa lang dahil binuhay ng boses ni Migz ang gabi. Hindi lang talaga pang-ballad ang boses niya.

"Don't you want to dance, D?" natatawang ani Randall nang makabalik kami sa mesa. Nakangiwi lang siyang inilingan ni Maxwell. Kinuha niyang muli ang gitara. **"Come on, I'll play a song for you."**

"No, thanks," masungit na ani Maxwell.

Tumawa nang malakas si Randall. **"Nahihirapan ka bang pumili kung sinong unang isasayaw, ha?"**

Sinamaan siya ng tingin ng kaibigan. **"You drunk?"**

"Not yet."

"Umayos ka, E," pabulong ngunit mabigat na banta ni Maxwell.

Inginudngod naman ni Randall ang mukha sa kaibigan saka kinalabit ang lahat ng strings ng gitara.

To really love a woman, to understand her, you gotta know her deep inside.

"Aahh!" sabay-sabay kaming napaungol sa ganda ng boses ni Randall, kahit pa ginawa niya 'yon para lang mang-asar. Feel na feel tuloy ni Dein ang boses ng asawa.

Hear every thought, see every dream, and give her wings when she wants to fly. Then when you find yourself lyin' helpless in her arms, you know you really love a woman.

"Sing with me, D," nakangising ani Randall, paulit-ulit tinitipa ang gitara sa parehong kanta hangga't hindi sumasabay si Maxwell sa kaniya. **"Come on, don't kill tonight's magic!"**

When you love someone...you'll do anything.

Napatayo at palahaw sa gulat ang lahat nang biglang kumanta si Maxwell! Nakangisi siyang tinugtugan ni Randall habang umiindayog pa. Simula pa lang ay mataas na at talaga namang iba ang dating ng gasgas na boses ni Maxwell nang kantahin ang linyang 'yon. Nakakabilib! Nakakakilig!

You'll do all the crazy things that you can't explain. You'll shoot the moon, put out the sun. When you love someone...

At nakakabilib na pinaghalo nila ang dalawang kantang 'yon na para bang lasing na malulupit kumanta. Dahil ang magkahalong boses nila ay hindi

nalalayo sa orihinal tinig ng kumanta niyon. Bagaman pilit ginagasgas ang mga boses, hindi masagwang pakinggan. Sa halip ay nakakakilig pa nga.

You'll deny the truth, believe a lie. There'll be times that you'll believe that you could really fly. But your lonely nights have just begun when you love someone.

"Kung kumanta ka ay para bang na-in love ka na, ah?" nakakalokong biro ni Randall nang huminto siya bago magsimula ang panibagong linya.

"Yeah," kaswal na tugon ni Maxwell saka ngumisi nang nakakaloko ngunit gwapong-gwapo. **"Sa asawa mo, hindi ba?"**

"Asshole!" singhal ni Randall na halos ingudngod ang puwit ng gitara sa kaibigan.

When you love a woman you tell her that she's really wanted. When you love a woman you tell her that she's the one. 'Cause she needs somebody to tell her that it's gonna last forever. So tell me have you ever really really really ever loved a woman?

Pasimple kong sinulyapan si Deib Lohr, nakangiti niyang pinanonood ang magkaibigan. Saka ko naman pasimpleng tiningnan si Maxpein. Peke ang ngiti niya at hindi mapakali sa kinauupuan.

When you love someone you'll sacrifice. Giving everything you got and you won't think twice. You'd risk it all no matter what may come. When you love someone...

Ngunit agad akong napalingon sa magkaibigan nang mas lumakas ang gitara at sabay na silang kumanta.

You got to give her some faith, hold her tight, a little tenderness, gotta treat her right. She will be there for you, takin' good care of you. You really gotta love your woman...

"Isayaw mo naman si Maxpein, 'dre," tudyo ni Tob nang maupo sa tabi ni Deib Lohr. Sinuman sa 'min ay hindi inaasahang gagawin niya 'yon, higit na si Maxpein. Na noon ay halos lumuwa ang dibdib sa gulat.

Nagugulat na lumingon si Max kay Deib Lohr. Habang si Deib Lohr naman ay masama ang tingin sa kaibigan. Para bang kinukuwestyon niya kung bakit nito ginawa 'yon.

"Sumayaw kayo, party ko 'to," nakangusong utos ni Tob saka pinagkrus ang mga braso.

Nalilitong lumingon si Max kay Deib Lohr, na hindi man lang nag-abalang tumingin sa kaniya. Hindi ko maintindihan kung bakit bigla ay para

bang pumangit ang mood niya. Kunot ang kaniyang noo at masama ang tingin, at panay ang buntong-hininga. Kung magsasayaw man sila ay paniguradong dahil napilitan lang siya.

"What, 'dre?" angil kunyari ni Tob.

Napapailing na tumayo si Deib Lohr, halatang napipilitan talaga. Bumuntong-hininga bago naglahad ng palad kay Maxpein. **"Sayaw tayo?"** kumunot ang noo niya matapos ang malamyang tanong na 'yon.

"Ang cheap ng tanong mo, 'dre!" palahaw ni Tob. **"English-in mo!"**

"Shut up," pabulong na angil ni Deib, mukhang wala talaga sa mood.

"What's his problem?" bulong ni Tob kay Lee, nagkibit-balikat lang ito saka tumingin sa dalawa.

Nag-aalangan man ay tinanggap ni Maxpein ang kamay ni Deib Lohr. Wala pa man ay para bang napapahiya na siya. Hindi kasi talaga maipinta ang mukha ni Deib Lohr. Kanina pa man ay kapansin-pansin na ang pananahimik niya. Pero dahil sa saya na dulot ng karamihan ay nawawala sa kaniya ang atensyon namin.

Tinipa ni Randall ang keyboard piano, at hindi na naman namin inaasahang si Maxwell ang kakanta! Mukhang lasing na ito, nakangisi na at mamula-mula.

Look into my eyes, you will see what you mean to me. Search your heart, search your soul. And when you find me there you'll search no more.

Natatawa si Keziah sa hitsura ni Maxwell habang si ate naman ay panay ang pagme-make-face sa kanila. Parang abnoy na tinotopak.

Don't tell me it's not worth tryin' for. You can't tell me it's not worth dyin' for. You know it's true. Everything I do, I do it for you.

Muling nagsabay ang magkaibigan sa pagkanta. Pero sa sandaling iyon ay hindi na nila naagaw pa ang atensyon namin. Lahat kasi kami ay napako ang paningin kina Maxpein at Deib Lohr na noon ay hindi na maipaliwanag ang mga tingin. Sa paraan nang pagkakatitig ni Deib Lohr ay para bang kinukuwestyon niya sa isip si Maxpein. Tuloy ay hindi nito magawang salubungin ang mga mata niya.

Look into your heart, you will find there's nothin' there to hide. Take me as I am, take my life. I would give it all, I would sacrifice. Don't tell me it's not worth fightin' for. I can't help it, there's nothin' I want more. You know it's true. Everything I do, I do it for you, oh, yeah.

What's wrong?

Hindi ko maiwasang mag-alala dahil halos hindi sila sumayaw. Pareho lang silang nakatayo at kakapiranggot ang inihahakbak para masabing gumagalaw. Bagaman hindi mukhang natatakot ay para bang nag-aalala si Maxpein sa sitwasyon nila. Si Deib Lohr naman ay hindi mahulaan kung ano ba ang ikinasasama ng tingin sa kaniya.

"Anong eksena nila?" dinig kong bulong ni BJ.

"Baka pati hitsura ni Maxpein ay nakalimutan na ni Deib Lohr, kaya inaalala," bagaman pabiro ay nandoon ang pait sa tinig ni Migz.

"Something's wrong," malungkot na ani Michiko.

Gano'n sila ka-obvious para lahat kaming nanonood ay mapansin ang kakaiba nilang mga kilos. Hindi normal. Maayos naman kasing dumating si Deib Lohr, masigla siya. Pero magmula nang dumating si Maxpein ay para bang may nagbago sa kaniya.

Hindi kasi siya gano'n. Kaya niya nang tagalan ang presensya ni Maxpein. Hindi na siya naapektuhan nito. Kaya nagtataka ako kung bakit ganito na lang siya ngayon.

There's no love like your love. And no other could give more love. There's nowhere unless you're there. All the time, all the way, yeah. Look into your heart, baby...

Bigla ay naging bigay na bigay ang pagkanta nina Randall at Maxwell, mukhang pareho nang may tama. Pero sinuman sa kanila ay hindi na maibalik ang atensyon namin. Ang lahat ng mga mata ay napako na kina Maxpein at Deib Lohr.

Hanggang sa sandaling iyon ay hindi magawang salubungin ni Maxpein ang tingin ni Deib Lohr. Dahilan para maging ganoon na lang kalakas ang loob nitong titigan siya nang ganoon kasama at ganoon katagal.

Oh, you can't tell me it's not worth tryin' for. I can't help it, there's nothin' I want more. Yeah, I would fight for you, I'd lie for you. Walk the wire for you, yeah, I'd die for you.

Napapitlag ang lahat nang bigla ay alisin ni Maxpein ang mga braso sa dibdib ni Deib Lohr. Ngunit babalik na sana siya pabalik sa 'min nang mahuli nito ang pulsuhan niya. Nalilito niya itong nilingon at pinag-angatan ng tingin.

"Nando'n ka no'ng graduation ko?" seryosong tanong ni Deib Lohr. Nagugulat akong napatitig sa kaniya. Hindi nagawang sumagot ni Maxpein. **"Nando'n ka no'ng mga nagdaang birthday ko."**

"Ha?" napamaang si Maxpein.

Ano? Anong ibig niyang sabihin? Nalilito kong nilingon si Deib Lohr, walang nagbago sa hitsura niya. Hindi ko naman maipaliwanag ang mukha ni Maxpein. Parang maging siya ay nalilito sa mga sinasabi ni Deib Lohr. Hindi niya rin maintindihan.

Pero hindi na sumagot pa si Deib Lohr. Hindi na siya nagsalita pa at sa halip ay tumitig uli siya kay Maxpein. Hindi naman nito nagawang tagalan ang titig niya kaya muli siya nitong tinalikuran at bumalik sa pwesto namin.

"Kailan mo planong mag-asawa, Deib Lohr?" walang ano-ano'y tanong ni Maxwell, hindi malaman kung lasing na o nanti-trip lang talaga.

"What?" kunot-noong tugon ni Deib Lohr.

"When do you plan to get married?"

Hindi agad nakasagot si Deib Lohr. Unti-unti ay nawala ang pagkakakunot ng noo niya at napalitan ng ngisi. **"When she's ready,"** sinulyapan niya bigla si Maxpein.

Nagulat ang lahat sa kaniyang sinabi. Agad na nangibabaw ang impit na kilig nina Michiko, Migz at BJ, na sinamahan pa ng malanding kilig ni ate. Makikita namang pagkailang ni Kimeniah.

Si Maxpein naman, bagaman seryoso ay hindi naitago ang gulat sa mga mata. Marahan siyang tumingala kay Deib Lohr at binigyan ito nang nagtatanong na tingin.

"So you're just waiting for my sister?" nakangising tanong ni Maxwell. **"Paano kung handa na siya?"**

Lalo pang ngumisi si Deib Lohr. **"Eh, di maganda. 'Yon lang naman ang hinihintay ko."**

"Sweet," sarkastikong ani Maxwell, sinulyapan ang kapatid na hindi maalis ang paningin kay Deib Lohr.

Lumingon din si Deib Lohr kay Maxpein, dahilan para magmukha itong tinambol sa dibdib. Nakita ng lahat kung paanong unti-unting nawala ang ngiti sa mukha ni Deib Lohr at muling nanumbalik ang hindi maipinta niyang hitsura.

What's wrong with you?

Pakiramdam ko ay may malalim siyang iniisip. Para bang may nalaman siyang hindi niya nagugustuhan. Hindi ko alam. Napakahirap niyang hulaan.

"Hinihintay ko lang naman na maging handa siya," patuloy ni Deib Lohr, si Maxwell ang kinakausap ngunit na kay Maxpein ang paningin.

"**Maging handa siyang makita akong mag-asawa.**" Nanlaki ang mga mata ko sa mga huling sinabi niya.

Deib Lohr... kunot-noo ko siyang pinakatitigan.

~ To Be Continued. . .~

OceanofPDF.com

CHAPTER 238 : THE END Part 2

CHAPTER 238 : THE END Part 2
MAX'S POV
KING INA...

"Be careful what you wish for," hindi inaasahan ng lahat nang magsalita ang bunso naming si Maxrill. Hindi ko naiwasang mapansin si Hee Yong na pormado ang pagkakaupo sa paanan niya, animong nakikinig. **"Baka maunahan ka pa niyang mag-asawa, at siya ang hindi mo makitang matali sa iba."** Dumila siya matapos sabihin 'yon saka tumawa, halos hindi na makita ang mga mata. Ang abnormal kong kapatid.

Matagal mang natigilan ay nakuha pa ring ngumisi ni Sensui, bagaman hindi niya maitatago ang pagdidilim ng kaniyang mukha.

Hindi na siya sumagot pa. Parang hindi niya nagustuhang pinagtulungan siya ng mga kapatid ko. At gusto kong mapahiya nang dahil do'n. Ipinapangalandakan nila na naghahabol ako.

"Pwede ba tayong mag-usap?" seryosong anyaya ko, hindi nag-aangat ng tingin kay Sensui.

"Okay," kaswal niyang sagot saka naupo sa tabi ko at halos dumungaw sa 'kin. **"What is it?"**

Napapalunok akong umilag, nagulat sa sobrang lapit niya. **"Ah,"** parang nayanig sandali ang utak ko. Napatingin ako sa mga naro'n, lahat sila ay nakatingin sa 'min. Tumayo ako at inayos ang sarili. **"'Wag dito,"** nanguna akong maglakad papalayo.

"Tch, gusto mo talaga ay 'yong solo?" dinig at ramdam ko ang sarkasmo niya.

At hindi ko inaasahang sa pagsunod niya ay isasabit niya ang coat sa akin. Natigilan ako at lumingon sa magkabila kong balikat. Saka nagtatakang nag-angat ng tingin sa kaniya.

Pero hindi niya 'yon pinansin. Tiningnan niya lang ako saka nakapamulsang nanguna sa paglalakad.

Huminto siya bago makarating sa gazebo na naro'n din sa bakuran at hardin ng mga Yanai. Lumingon siya sa 'kin saka napipilitang ngumiti, nakapamulsa pa rin. **"What is it?"** tanong niya.

"Hindi ba pwede ro'n?" inginuso ko ang gazebo, napapahiya. May mesa kasi at mga silya ro'n. Sa tingin ko ay hindi ko kakayaning tumayo nang matagal. Sa dami ng laman ng isip ko at gusto kong sabihin ay paniguradong mananakit ang binti ko.

Nakita ko siyang tumitig sa gazebo saka napapabuntong-hiningang iminuwestra sa 'kin ang daan. Inalalayan niya ako paupo. Sa isip ko ay gusto ko siyang purihin. Masiyado na kasi talaga siyang malayo sa dati niyang ugali. Kung nagkataon ay paniguradong hindi niya gagawin ang lahat nang ito sa 'kin. Nasisiguro kong panay pa rin ang pagmamaktol niya at hindi ako bibigyan ng pagkakataong makausap siya.

"Mukhang seryoso itong pag-uusapan natin, ah?" nakangiting ani Sensui nang makaupo siya sa harap ko. **"What is it?"** ikatlong beses niya nang itanong 'yon pero hindi ko maramdaman ang kaniyang interes. Para bang isang tsismis lang ang sasabihin ko.

Bahagyang kumunot ang noo ko saka ako palihim na bumuntong-hininga. *Ano pa ba sa tingin niya ang pag-uusapan namin? Tss.* Muli akong napabuntong-hininga at nag-iwas ng tingin. *Gusto niya lang siguro talaga na sa 'yo manggaling ang lahat. Gusto niyang ikaw ang magsalita. Dahil ikaw naman ang nawala.* Minsan pa muli akong bumuntong-hininga dahil sa naisip.

Hindi ako kinakabahan, talagang hindi ko lang alam kung paanong magsisimula. Para bang napakarami kong kailangang sabihin, pero hindi ko alam kung alin ang uunahin. Gusto kong magtanong siya, saka ako sasagot. Mas madali 'yon. Kaso ay mukhang wala siyang balak na gawin 'yon.

Nag-angat ako ng tingin at sandaling napatitig sa kaniya. Wala nang reaksyon ang kaniyang mukha ngunit makikitang naghihintay siya sa kung ano man ang sasabihin ko. Hindi siya nababagot. Nakatingin lang siya sa akin habang hinihintay na bumuka ang bibig ko.

"Nahihirapan na ako, Deib Lohr," sinsero kong sinabi saka tumingin sa mga mata niya. Hindi ko inaasahang magugulat siya. **"Hindi ko na alam kung ano ang gagawin ko,"** mahina kong sinabi, pinipilit ngumiti, bahagyang kumikibot ang mga labi. **"I want to know what's on your mind, and what's inside your heart,"** pabulong kong sabi habang nagbababa ng tingin.

Naging matunog ang buntong-hininga niya. Matagal siyang tumitig sa akin bago nagsalita. **"What do you want to hear from me?"** Hindi ko inaasahan ang sinabi niya. **"Tell me."**

Napatitig ako sa kaniya at nakaramdam bigla ng hiya. Napapraning ako. Sa tanong niya kasi ay para bang hahayaan niya na lang akong marinig ang gusto ko. At talagang ayaw niyang manggaling ang salita sa kaniya, kaya ibinabato niya ang tanong sa akin. Kasi gusto niyang ako ang magbukas ng usapin tungkol sa nangyari sa relasyon namin.

Napatitig ako sa kaniya habang iniipon ang lakas ko ng loob na nauubos parati pagdating sa kaniya. Pinagsalikop ko ang mga kamay kong nakapatong sa mesa, upang hindi niya makita ang panginginig niyon. **"Do you still have feelings for me, Sensui?"** mahina at kunot-noo kong tanong. Ang pagtawag sa bansag niyang 'yon ang dumurog sa puso ko sa sandaling 'yon. **"I want to know if you still feel anything, even if it's no longer love."** Saka ako nag-iwas ng tingin. Wala na akong choice kung hindi ang deretsuhin siya. Dahil hindi ko alam kung kailan niya ulit ako bibigyan ng tyansang makausap siya.

Napapitlag ako nang sa hindi inaasahan ay hawakan niya ang mga kamay ko. Napatitig ako sa kamay naming pareho bago marahang nag-angat ng tingin sa kaniya. Nasasaktan akong makita ang kapayapaan sa mga mata niya. Pakiramdam ko ay wala na akong mabasa ro'n kung hindi awa. Nababasa ko kung paano siyang nahihirapang isatinig ang laman ng isip nang hindi ako masasaktan.

Emosyonal siyang tumitig sa mga kamay namin na tila ba nag-aalinlangan pa kung sasabihin na ba ang laman ng isip niya. Nang sandaling iyon ay nabasa ko na naman ang nakakahawang sakit sa mga mata niya.

"I still love you," pabulong niyang sinabi dahilan para mapatitig ako sa mga mata niya. Mabilis na nangilid ang luha ko. **"You're my one true love, Maxpein. You're my first girlfriend, my very best friend, my best enemy, my conscience, my guardian, my angel, my protector, my queen...my everything..."**

Lumaylay ang mga balikat niya matapos sabihin 'yon nang pagkabagal-bagal, na animong bumubulong. Tila iniisa-isa sa isip niya ang mga dahilan kung paanong naging gano'n ako sa kaniya.

Tumingin siya sa akin matapos ang mahabang sandali. Gusto kong maluha matapos kong makita ang pangingilid ng kaniyang mga luha. Bagaman ganoon kagaling niya iyong napipigilan.

"You're everything to me." Pinilit niyang ngumiti at magpigil ng luha, nagtagumpay siya. **"Pero 'yong nararamdaman ko ngayon ay hindi na tulad noon."**

Napamaang ako at napapalunok na tumitig sa kaniya. Sa sandaling iyon ay hinihiling ko na sana ay hindi na lang nadugsungan ang naunang isinagot niya. Na sana ay hanggang doon nalang ang sinabi niya. Dahil hindi ko kayang tanggapin ang huling masasakit niyang salita.

Dahil alam na alam ko sa sarili ko ang pakiramdam na iyon. Napagdaanan ko na iyon, sinabi ko na iyon. At nang sandaling sa akin nagmumula ang mga salitang iyon, sigurado akong iyon mismo ang nararamdaman ko.

Ngayong ako na ang nakarinig niyon, at nagmula pa sa pinakaimportanteng tao sa buhay ko, kulang na kulang ang salitang masakit para ilarawan ang tunay kong nararamdaman.

Malungkot siyang tumitig sa akin. **"Ito 'yong pagmamahal na bibigyan ka na ng kalayaan,"** sinserong patuloy niya. Nagugulat akong napatitig sa kaniya. **"Iyong kahit na magalit ka ay hindi ka na susuyuin. Iyong hindi ka na kukulitin. Iyong hindi ka na susumbatan. Iyong hindi ka na hahabulin. Iyong kaya nang magtiis. Iyong kahit umalis ka ay hindi ka na pipigilan. Iyong kahit na matagal kang mawala ay hindi ka na hihintayin pa."**

Gusto kong pagsisihan ng sandaling iyon na nagyaya pa akong mag-usap. Nagsisisi ako sa sandaling iyon dahil naglakas-loob akong alamin ang tunay niyang nararamdaman. Nagsisisi ako dahil pinanghawakan ko pa 'yong kakarampot kong pag-asa na magkakaayos kaming dalawa. Nagsisisi ako na hindi ko siya pinuntahan. Nagsisisi ako na hindi ko inugaling ipaalam sa kaniya ang kahit kakarampot na impormasyong gusto niya. Nagsisisi ako dahil hindi ako lubos na nagtitiwala sa kaniya tungkol sa pagkatao ko. Nagsisisi ako na hindi ako gumawa ng paraan para ipaalam sa kaniyang buhay ako. Nagsisisi ako na hindi ko sinabi sa kaniyang hintayin ako, dahil para sa kaniya ay babalik ako.

Lahat 'yon ay pinagsisisihan ko ngayon at hinihiling na sana ay hindi ko na lang ginawa.

"Sensui..."

Hindi ko magawang isipin ang nararamdaman ko dahil sa sandaling iyon ay naagaw niya ang buo kong atensyon. Dahil nang sandaling iyon ay para bang walang puwang ang puso ko para makaramdam ng sakit. Dahil sa

sandaling iyon ay siya ang higit na nakararamdaman ng sakit. Nagawa niyang iparamdam sa 'kin 'yon.

"No," umiiling kong bulong, pigil ang mga luha at emosyon. **"Please don't say that. Alam kong galit ka lang."** Tiningnan ko siya nang may pagmamakaawa. Nagsimulang manginig ang mga tuhod ko. Hindi ko na rin magawa pang pigilan ang pangangatal ng mga kamay ko.

"Nagalit, oo. Pero natuto ring magpatawad. Hindi ka mahirap patawarin dahil mas mahirap para sa akin na magalit sayo." Hindi ko nagugustuhan ang mga sagot niya. **"I told you, I can't hate you."** Diniinan niya ang bawat salita para iparamdam sa 'kin na 'yon ang totoo.

"Deib..." gumaralgal ang boses ko, humigpit ang pagkakahawak niya sa mga kamay ko. **"Hindi ko kaya..."** sa wakas ay nasabi ko kung gaano akong nanghihina. At alam kong sa mga mata ko ay nagagawa ko na 'yong ipakita.

"Maxpein..." nahihirapan siyang magpaliwanag sa 'kin, hindi ako makaintindi.

"Bakit hindi ko magawang paniwalaan 'yang sinasabi mo?," malumanay na tanong ko, walang emosyon ngunit may nadudurog na puso. **"Bakit pakiramdam ko ay sinasabi mo lang 'yan para iparamdam sa akin ang sakit na idinulot sa 'yo nang pag-alis ko?."** Nagbaba ako ng tingin.

"Hindi ko gagawin 'yon sa 'yo. Anong karapatan kong magalit kung lahat naman nang ginawa mo ay para sa akin?" Tumingin siya sa magkahawak naming mga kamay. Saka niya inilapit ang mga 'yon sa labi niya at doon nakapikit na bumuntong-hininga. **"You don't need me, Maxpein,"** nagawa niyang ipakita sa akin kung paano siyang nasasaktan hanggang ngayon matapos sabihin 'yon. **"You can do everything alone, that's who you are."**

"Hindi gano'n 'yon," agad kong tanggi. **"Hindi mo naiintindihan!"** biglang rumagasa ang galit sa dibdib ko.

Ngumiti ang kaniyang labi ngunit nananatiling malungkot ang mga mata niya. **"Kung gano'n ay 'wag ka nang makipagrelasyon."**

"Ano?" nalito ako. **"Ano ang ibig mong sabihin?"**

"Mahirap intindihin 'yong magkarelasyon tayo pero iiwan mo 'ko ng ilang taon," kumibot ang mga labi niya, nagsalubong ang mga kilay at gumalaw ang sentido dahil sa pagtitiim ng bagang. **"Nang hindi ko nalalaman kung saan ka naro'n."**

"Deib Lohr," mariin kong pagtawag.

"Hindi mo 'ko kailangan."

"Kailangan kita," nagmamakaawa kong sabi, nagpapaintindi. **"Kailangan kita."**

"Mahal mo lang ako," nasasaktan siyang ngumiti. **"Pero hindi mo 'ko kailangan."**

Naghabol ako ng hininga sa hindi maipaliwanag na dahilan. Nakakahapo ang ganitong usapan. Nakakapagod lumabang mag-isa. Nakakapanghina ang mga sinasabi niya.

"Hindi mo kailangan ng mahina. Ang kailangan mo ay 'yong katulad mong malakas. 'Yong hindi mo kailangang iwanan dahil kaya kang samahang lumaban. 'Yong hindi mo kailangang paglihiman dahil pareho kayong may nalalaman. 'Yong mas makakaintindi sa 'yo, 'yon ang kailangan mo at hindi ako."

"Deib..." inabot ko ang kamay niya.

"Don't settle for less, Maxpein."

"Please don't say that."

"I'm sorry," umiling siya saka pumikit. **"Alam kong ginawa mo ang lahat para sa 'kin. Isa 'yon sa mga dahilan kung bakit mas minahal kita. Pero kaya ko na,"** naninigurong aniya. Nasasaktan akong napamaang lang. **"Kaya ko na kahit wala ka sa tabi ko. Pero 'wag mo isiping gumaganti ako sa 'yo, hindi ko gagawin 'yon. Hindi ko kayang makita sa 'yo 'yong sakit na pinagdaanan ko."** Ngumiti siya at nagmulat matapos sabihin 'yon. Ngiting bitin at hindi umaabot sa paningin. **"Dahil naiintindihan kong mas matindi 'yong sakit na pinagdaanan mo."**

Nasasaktan ako sa mga sinasabi niya. Pero hindi ko akalaing mas masasaktan ako dahil sa emosyong ibinubuhos niya.

Ganoon ko siya nasaktan, sobra-sobra, na umabot sa puntong natutunan niyang magpalaya.

Nagtiim ang bagang ko, gano'n ko pinigilan ang luha at emosyon. Binawi ko sa kaniya ang mga kamay ko magkahawak na iniharang ang mga 'yon sa labi ko.

"Meron ka na bang bago?" nasasaktang tanong ko. Kung ano-ano na ang naiisip kong dahilan para sukuan niya ako.

Malungkot siyang umiling, wala sa akin ang paningin. **"Hindi pa yata handa ang puso ko."**

Namuo ang mga luha ko at lumaylay ang aking balikat. **"Ayaw mo na sa 'kin?"** kunot-noo kong tanong, ang paningin ay nasa nanginginig kong mga kamay sa ibabaw ng mesa.

"Maxpein..."

"Hindi 'yan ang tawag mo sa 'kin. Ayaw mo na ba sa 'kin?" kunot-noo ko pa ring tanong, pigil ang emosyon.

Nadinig ko siyang bumuntong-hininga, sobrang lalim. **"I don't know how to answer that question without hurting you,"** pabulong niyang sagot. Bulong na kailangan niya pang tumunghay nang bahagya sa akin na akala mo ayaw niyang may ibang makarinig.

Awtomatiko akong nag-angat ng tingin sa kaniya, pigil ang luha. *Hindi ka na niya mahal...* **"Nasaan na 'yong mga ipinangako mo?"** nagsisimula nang mangatal ang labi ko. Ang mga luha ay nagbabadya nang pumatak. **"Pinanghawakan ko lahat ng sinabi mo at umaasa akong may babalikan ako sa 'yo."**

"Maxpein..." Hindi niya malaman kung paano akong mapakikiusapan.

"Hindi ko ginusto lahat 'yong nangyari, inaasahan kong alam mo 'yon at maiintindihan. Ano ang nangyari?" nang-iinteroga ang tinig ko.

Bagaman nasagot niya na ang mga 'yon ay nakuha ko pa rin siyang kuwestiyonin. Napapamaang siyang tumitig sa akin at panay ang buntong-hininga. Hindi niya inaasahan ang mga tanong ko.

"Inaasahan kong ikaw ang higit na makaiintindi sa akin, Sensui. Alam mong lahat ay gagawin ko para sa 'yo. Hindi ako nanunumbat, pero...wala sa isip kong hahantong tayo sa ganito."

Nangunot ang noo niya. **"Ilang taon kang nawala..."** pabuga niyang sabi, nanunumbat. **"Anong gusto mong gawin ko?"**

"Ang maghintay. Dahil iyon ka. Ikaw lang ang nakapaghihintay sa akin nang kahit anong tagal, bakit ngayon ka pa bumigay? Bakit ngayon ka pa sumuko?" Hindi ko alam kung paano kong naisatinig lahat 'yon gayong matindi na ang pagbabara sa lalamunan ko.

"Hindi ako sumuko," malungkot na aniya. **"Natutunan ko lang tanggapin kung ano ang meron sa 'tin."**

Hinawakan ko ang mga kamay niya nang mahigpit. **"I'm here to stay now."**

"Kung gano'n ay manatili tayo sa kung ano tayo ngayon."

"Deib..." nawawalan ako ng pag-asa.

Matagal siyang tumahimik, at tumitig sa akin na para ang napakaraming magagandang alaalang naglalaro sa isip niya. **"Alam kong buhay ka,"** mahinang aniya, hindi ko inaasahan at talagang ikinagulat ko. **"Alam ko rin ang lahat ng nangyari sa 'yo. Ikinuwento sa akin ni Chairman bago ka pa makabalik dito."**

Kaya hindi na siya nagulat... kaya hindi na siya natuwa... kaya hindi na siya... Hindi ko na madugsungan pa ang laman ng isip ko. Masiyado akong nagugulat na nagagawa kong mag-isip ng kung ano-ano.

Nagbaba siya ng tingin at ngumiti. **"At kahit na lokohin ko ang sarili ko ay alam kong naniniwala ako nang sabihin ni Ysay na nakita ka niya sa Amerika."**

Hindi ko malaman kung ano ang mararamdaman. Ngayon ko lang naiisip na wala pa akong sinasabi sa kaniya na kahit na ano. Gayong ang lakas ng loob kong maghamon ngayon at ibala ang lahat tungkol sa pagkatao ko.

"Ngayon ko lang din napatunayan na pumupunta ka sa mga okasyon sa buhay ko," mahinang aniya. **"Kanina habang pinapanood kitang maglakad...alam kong ikaw 'yong anino na nagtatago para panoorin ako."**

Bigla ay nanumbalik sa akin ang gabing 'yon ng graduation party niya. Kung saan kinailangan kong sumiksik sa mga puno para lang mapagtaguan siya. Palihim akong tumatakas at umuuwi ng Pilipinas para masaksihan ang pag-abot niya sa tagumpay.

Pero nahuli ako nang makabalik ako galing sa graduation ball niya. Napagalitan at muntik na namang maparusahan. Iyon na rin ang huling sandaling napuntahan at nakita ko siya.

"Naiintindihan ko naman kung bakit hindi ka tumawag o nag-text man lang. Naiintindihan ko kung bakit hindi ka nagparamdam," nakangiti man ay malungkot pa ring patuloy niya. **"Kasi kung pwede ay gagawin mo naman 'yon, 'di ba? Kung hindi ipinagbabawal ay ipapaalam mo sa 'kin, 'di ba?"**

Bigla ay para bang piniga ang puso ko. Sa tono ng pananalita niya, at sa kaniyang tanong ay para bang isa na lang 'yong routine na nakasanayan niya na. Para bang isa 'yong paalala na awtomatikong sinusunod at iniintindi ng sistema niya.

Matagal na nangibabaw ang katahimikan sa pagitan namin. Hindi ko na alam kung ano ang sasabihin para magkaayos kami at bumalik sa dati. Ni hindi ko alam kung meron pa bang tyansang mangyari 'yon. Dahil sa dami

ng pwedeng pagpiliian, at sa kakayahan kong lumaban, mukhang iisa na lang ang naiiwan. Iyon ay ang tanggapin na ayaw niya na sa akin.

"'Yong mga ipinangako mo sa 'kin," mayamaya ay mahinang sabi ko, wala nang lakas para magalit at manumbat. **"Nakalimutan mo na ba?"** marahan akong nag-angat ng tingin sa kaniya. Wala na akong emosyong mailabas, lahat kasi nang 'yon ay naipon sa pinakamalalim na parte ng puso ko.

"Hindi," malungkot niya pa ring tugon.

"Kinalimutan mo ang lahat ng ipinangako mo sa akin," sinabi ko iyon na para bang nasa harap ko ang patunay.

"Hindi."

"Kinalimutan mo!" Ang lakas ng loob kong magpakita ng galit. Hindi ko na ma-control ang sarili ko.

"Maxpein," tiningnan niya ako nang may awa. **"Lahat ay natatandaan ko,"** tipid ang ngiti niyang sinabi. **"Lahat ng mga sinabi ko, ipinangako ko, lahat ng ginawa ko sa 'yo, lahat 'yon ay natatandaan ko."**

Kumibot ang mga labi ko. Sobrang hapdi na ng mga mata ko dahil sa sobrang pagpipigil. **"Eh, bakit nagkaganito? Hindi ko maintindihan. Bakit hindi tayo pwedeng magkabalikan? Hindi ka sumuko pero bakit ayaw mo 'kong tanggapin? Ano ba ang pwede kong gawin para patawarin mo 'ko? Hindi ko intensyong iparating sa 'yo na patay na ako, Sensui,"** sunod-sunod kong tanong, tuloy-tuloy kong sabi. Paulit-ulit, nasagot man niya o hindi. Wala na ako sa sarili. **"Hindi ko intensyon na paghintayin ka nang matagal. Hindi ko intensyon na ilihim sa 'yo ang pag-aaral ko sa Amerika. Handa naman akong magpaliwanag sa 'yo, kahit awayin mo 'ko at sumbatan ay ayos lang. Kahit gantihan mo pa ako at pahirapan."** Handa na akong isugal ang lahat sa akin, bawiin niya lang ang lahat ng sinabi niya. **"'Wag mo lang sasabihin sa akin na naka-move on ka na sa akin, hindi ko 'yon matatanggap."** Ang lakas ng loob kong humingi nang higit pa sa naibibigay niya.

"You broke my heart when you gave up on me. I was so sorry to myself because I gave up on me, too. It took me several years to repair my broken self, Maxpein. And I was left with no choice but to move on." Pinahirapan niya ang mga mata at yumuko sa sariling palad.

Gusto ko siyang lapitan at hawakan nang makita kong umuga-uga ang mga balikat. Nangapa ako ng pwedeng sabihin para magbago ang isip niya at muling bumalik sa akin.

Ngunit bago pa ako makakilos ay nag-angat na siya ng tingin sa akin. **"Lahat sa nakaraan natin ay natatandaan ko, Maxpein. Iyon ang parte ng buhay na babalik at babalikan ko,"** sinabi niya 'yon matapos pakalmahin ang sarili, malalim ang buntong-hininga. **"Eh, 'yong mga huling sinabi mo, natatandaan mo?"** pilit siyang ngumiti.

Natitigilan akong napatitig sa kaniya. Bigla ay nanumbalik sa akin ang mga huling sandaling nagkausap kami. Nang sandaling hindi ko inaasahan na makikita ko siya sa palasyo ng parliyamento.

"Deib..." napapamaang na usal ko.

"Alalahanin mo. Baka iyon ang makasagot sa mga tanong mo, kung hindi sapat ang mga sinabi ko." Kumurap-kurap ang mga mata niyang hindi na pinanawan ng lungkot.

"Deib Lohr," nangibabaw ang tinig ni Kimeniah bago pa man siya muling makapagsalita.

Sabay kaming napalingon pero agad akong nagbawi ng tingin at pasimpleng inayos ang sarili ko. Ayaw kong makita niya ang hitsura ko. Bagaman gusto kong ipagtaka ang isang baso ng tubig na bitbit niya.

"I'm sorry sa abala," nauutal na ani Kim. **"You have to drink your meds na, it's late,"** pabulong na aniya nang makalapit.

Nagtataka naman akong tumingin sa isang baso ng tubig na inilapag niya. Pinanood ko maging ang pagbubukas ni Kim ng gamot at paglapag ng pinagbalutan niyon sa mesa.

Pakiramdam ko ay nawala ang halo-halo kong emosyon kanina lang. Lahat 'yon ay napalitan nang matinding pagtatanong.

"Thank you," nakangiting ani Sensui matapos inumin ang gamot.

Ngumiti si Kim, hindi magawang tumingin sa 'kin. **"Tumawag ang daddy mo, hindi mo yata nasasagot ang phone mo. Kailangan mong umuwi before twelve, hindi ka pwedeng mapuyat."**

"It's okay, I know," agarang sagot ni Sensui na para bang ayaw nang pagsalitain pa ulit si Kim. Pakiramdam ko tuloy ay may ayaw siyang malaman ko na posibleng mabanggit nito.

"Mauuna na akong umuwi," pabulong na paalam ni Kim.

"Ihahatid na kita."

"Hindi na. Nag-uusap pa kayo ni Maxpein."

Natutulirong lumingon sa 'kin si Sensui, nag-aalangang magpaalam pero makikita ang kagustuhang umalis. Muli akong nasaktan. Pero hindi ko 'yon pwedeng ipakita, wala na ring saysay kahit pa mabasa niya.

"I'm fine," hindi yata akma ang sagot ko. **"Uuwi na rin kami mayamaya."**

"Thanks," ani Sensui na bahagyang hinaplos ang pisngi ko, hindi ko inaasahan. **"Take care,"** pabulong na dagdag niya saka inakay sa likuran si Kimeniah.

Hindi ko na sila nagawang habulin pa ng tingin. Napako na ang paningin ko sa mga naiwang foil sa mesa.

Natitigilan kong dinampot ang mga 'yon at binasa. Natakpan ko ang bibig ko at tahimik na umiyak matapos maisip kung bakit siya umiinom ng gamot na 'yon. Muli kong nilingon ang gawi ni Sensui pero wala na sila. Ngunit hindi ko nakuhang magulat nang makita kong nandoon na si Naih, malungkot na nanonood sa 'kin.

"He's taking antidepressants," aniya saka humakbang papalapit sa 'kin.

Hindi ko na siya nagawa pang tingnan dahil umiiyak na akong tumitig sa foil. Ang simple at napakaliit na bagay na 'yon ay pinatutunayan at mas pinalalalim pa ang mga sinabi ni Sensui kanina.

"Of course to treat his depression," patuloy ni Naih na naupo na sa harap ko. **"He had undergone psychotherapy, cognitive behavioral therapy, and was prescribed to take antidepressant medication."**

"At nagte-take pa rin siya hanggang ngayon?" tanong ko nang hindi siya nililingon.

"Oo, malamang. Uminom na nga sa harap mo," kaswal niyang tugon. Tumango-tango na lang ako. **"Tumahan ka na,"** kahit anong pagtataray niya ay hindi niya maitatago ang pag-aalala. **"Hindi bagay sa suot mo. Panay ang iyak mo, lumuluwa na ang joga mo."**

"Ano?" nagugulat kong sabi sabay sulyap sa dibdib ko. **"Sira-ulo!"** asik ko.

Masama ang tingin niya sa 'kin pero natawa na lang sa huli. **"Luka-luka ka kasi!"**

Naihilamos ko ang palad ko sa mukha. **"'Wag muna ngayon, Naih."**

"Kailan pa? Kapag wala na talaga siya?"

"What?" natitigilan kong sabi, nakakunot ang noo.

"Naiintindihan ka namin pero may kasalanan ka rin."

"Alam ko," angil ko, hindi ako magdadalawang-isip na makipagtalo.

"Bakit hindi ka man lang nag-sorry?"

"Pinuntahan ko siya at nag-sorry ako—"

"Sa 'kin!"

Natigilan ako at napapahiyang nag-iwas ng tingin. **"Inuna ko si Sensui, eh..."**

"Pwede mo naman akong isunod."

"Sorry."

"Psh. Ganiyan ka naman, eh. Hindi ka marunong ng multitasking."

"Naih, please..." suko na ang utak ko.

"Whatever," mataray na aniya.

"Naih..."

"Oh?"

"Sorry..." sinsero kong sinabi. At hindi ko pa man 'yon nadudugsungan ay naluha na ako. Bumalatay ang pag-aalala sa mukha niya. **"Pero kailangan ko ng kaibigan ngayon."**

Inginuso niya ang parte ng garden kung nasa'n ang mga kasama namin. **"Marami ro'n, pumili ka,"** wala siyang kasingprangka.

"Ano ka ba?"

"Ewan ko sa 'yo," aniya sabay tayo.

Hinabol ko siya. **"Dinaig mo pa si Sensui, ah?"**

"Dahil siya, naka-move on na, ako hindi pa."

Natigilan ako. **"Masakit, ah,"** mahina kong tugon.

Mataray siyang tumitig sa 'kin bagaman nandoon talaga ang pag-aalala sa mga mata. Walang ano-ano ay niyakap niya ako at kinotongan.

"Maxpein naman kasi..." bulong niya, nanggigigil at halos sabunutan ako. **"Nasaktan ka, given na 'yon. Bumalik ka, okay. Alam mo kung saan ka nagkamali?"** mahina niyang tanong.

"Oo."

"Hindi."

"Alam ko nga."

"Hindi mo alam."

"Alam ko sabi," pagmamatigas ko. **"Sinabi niya na."**

Humiwalay siya sa 'kin at tiningnan ako sa mga mata. **"Kung hindi niya pa sinabi ay hindi mo malalaman, gano'n? Psh. May pagkakamali ka, may pagkukulang pa. Kahit ginawa mo ang lahat para sa kaniya ay meron ka pa ring hindi nagawa. Bagay na hindi mo harapang nakikita kaya nakakalimutan mong isa ring mahalaga."**

"Oo na," wala na akong choice kung hindi ang makinig na lang sa kaniya.

"Alam mo kung bakit hindi kayo nagkakaintindihan? Kasi gusto ninyong maintindihan ang isa't isa, pero pareho kayong hindi nakikinig sa sinasabi ng bawat isa. Hindi sa lahat ng oras ay kailangang sumagot ka sa sinasabi niya, at gano'n din siya sa 'yo. Kailangan din ninyong makinig, at makinig lang ang gagawin ninyo. Hindi ninyo na kailangang sumagot. Sa gano'ng paraan ay magkakaintindihan kayo."

Nagbaba ako ng tingin, nakukuha ko ang punto niya bagaman may kung ano pa ring hindi sang-ayon sa isip ko. Iyon na siguro 'yong punto niya. Dahil kung hindi ko pipigilan ang sarili ko ay sasagutin ko rin siya, para ipaliwanag ang sarili ko. At kung gagawin ko 'yon ay patutunayan ko lang ang sinasabi niya.

"Bukod do'n," bumuntong-hininga siya. **"Hindi ka na nga nagpaliwanag no'ng umalis ka, wala ka pa ring paliwanag nang makabalik ka. Gaano kahirap magsalita?"**

"Naih..."

"Gaano kahirap magsalita? Sagutin mo 'ko."

"Pinangunahan ako ng takot."

"Bakit ka natatakot?"

Napailing ako. **"Kasi baka galit siya sa 'kin."**

"Sa bala, bomba, pana at itak, hindi ka takot. Kay Sensui, takot ka?" sarkastika niyang tugon saka pumalakpak. **"Sige, magkwento ka pa."**

"Iba si Sensui, Naih. Alam mo 'yon."

"'Yon na nga, eh," mariing aniya. **"Alam mong iba siya, Maxpein. Sa 'ming lahat, ikaw agad 'yong makaka-anticipate nang posibleng maramdaman niya. Kahit katiting na paraan, hindi talaga pwede?"**

Nagbaba ako ng tingin. **"Pwede naman,"** nauutal kong sagot.

"Ewan ko sa 'yo." Tinalikuran niya ako.

Ngumuso ako. **"Bakit ba nagagalit ka? Dahil nasaktan ko siya? Nasaktan din naman ako, ah?"**

"Hindi kwestiyonable 'yon, Maxpein," mataray niya uli akong hinarap. **"Nasaktan siya, nasaktan ka. Pero hindi kailangang magsintimbang ang sakit na naramdaman ninyong dalawa. Hindi 'yon ang sukatan para malaman kung sino ang nagkamali at nakagawa nang tama. Ano ka ba?"**

"Nag-sorry na nga ako, eh."

Lumaylay ang mga balikat niya. **"Okay, nasabi mo na 'yan. Kailangan mo naman siguro ngayong patunayan."**

Natitigilan ko siyang nginusuan. **"Paano naman?"**

"'Ayon," nakangiwi siyang tumango. **"Kapag susugod sa kalaban, napakarami mong paraan,"** sarkastika niyang dagdag. **"Kapag gagawa ng paraan para suyuin ang taong mahal mo, hindi mo alam?"**

"Ayaw niya na sa 'kin," nagbaba uli ako ng tingin.

"'Sus! Eh, halos isumpa ka nga no'n noon, nagawa ka pa ring gustuhin!"

"Oh, eh, ano'ng ibig mong sabihin?" kunot-noong angil ko. **"Akitin ko, gano'n? Tss."**

"Hello? Nakasampay na nga 'yang joga mo, si Kim pa rin ang inihatid—magsa-suggest ka pa ng pang-aakit? Duh? Deserving talaga akong maging valedictorian, grabe."

"Tss. Shut up, Naih."

"'Yan..." dinuro niya ako. **"Kapag away at gulo, lumalabas ang angas mo. Kapag kay Sensui, lusaw na lusaw."**

Lumabi ako. **"Mag-suggest ka na lang."**

"Wala akong maisa-suggest," nakangiwi siyang sumeryoso. **"Suporta lang ang maibibigay ko. Gawan mo ng lusot 'yang bading mo,"** ngumisi siya saka humalakhak.

Nanlulumo akong nag-iwas ng tingin. Magda-drama na sana ako pero muli akong napalingon sa kaniya. **"Bati na tayo?"**

"Hindi pa, 'no!"

"Kinausap mo na 'ko, eh."

"Oo nga, pero galit pa rin ako."

"'Wag ka nang magalit."

"'Tse."

"Naih..." inuga ko ang balikat niya.

"Kaibigan daw tapos wala man lang pasalubong?" bulong niya.

"Ano?"

"Wala!"

"Naih..."

"Tigilan mo 'ko, Maxpein, ah? Marami ka pang hindi sinasabi."

Napaiwas ako. **"'Yan lang talaga ang habol mo sa 'kin, eh."**

Tinaasan niya ako ng kilay. **"Ah, gano'n?"** nagtataray na naman siya. **"Kapag tungkol sa buhay mo, kailangan misteryo. Pero kapag 'yang**

joga mo, okay lang ilantad sa maraming tao?"

Nanlaki ang mga mata ko, nagugulat na sumulyap sa dibdib ko. **"Kanina ka pa, ah!"**

"Oh, bakit?"

"Kanina mo pa i-inaano 'tong...dibdib ko, eh!" Nailang na tuloy ako. Pakiramdam ko ay kabastos-bastos ang hitsura ko. O kung hindi naman ay hindi iyon bagay sa 'kin.

Pinagkrus niya ang mga braso. **"'Tse!"** bumuntong-hininga siya. **"Isa na lang talaga,"** banta niya, seryoso. **"Kapag umalis ka na naman nang walang paalam, at bumalik nang walang paliwanag,"** hinawi niya ang hangin sa ere. **"Friendship over!"**

"'Sus," singhal ko.

"What?"

"Nothing," nagkibit-balikat ako.

Namaywang siya. **"'Yan, 'yan! Kaya ka umaabuso kasi alam mong hindi ka natitiis ng mga tao sa paligid mo."**

Ngumuso ako saka ngumisi mayamaya. Naiisip na talaga ngang pabor sa 'kin ang swerte...maliban sa sitwasyon namin ngayon ni Sensui. **"Hindi naman,"** lumabi ako.

"Halika na, umuwi na tayo. Maaga pa ang biyahe ninyo bukas."

"Hindi ka sasama?"

"Sasama! Duh? Mauuna lang kayo."

Humabol ako sa kaniya. **"Bakit hindi ka pa sumabay?"**

"Kailangan mong mauna," nagbabanta ang tinig niya. Natigilan ako at nagtaka. **"Paghandaan mo ang pagdating ni Deib Lohr. Siya naman ang bigyan mo ng grand entrance."**

"Anong grand entrance?"

"Kaunting effort sa pag-iisip, Maxpein!" singhal niya saka ako iniwan.

"Teka, woi!" habol ko uli. **"Hindi mo pa ako kinukuwentuhan tungkol sa pagpapakasal mo. Nagtampo ako."**

Mataray niya na naman akong hinarap. **"Oh, eh, kasalanan ko? Nabalitaan kong patay ka na, isasama pa kita sa mga imbitado?"**

Sumimangot ako, nagpanggap na nasaktan. **"Sorry."**

"Hindi bagay sa 'yo," tinalikuran niya na naman ako. Kilala niya talaga ako. Alam niya kung kailan ako nagpapanggap at nagpapakatotoo. Sadyang madamdamin lang siya, at demanding sa pang-intindi.

"Tob," lumapit ako sa kaniya nang makabalik kami. **"Pasensya na, nasira ko yata ang party mo."**

"Psh, hindi, 'no! Masaya ako na nandito ka, saka masaya ako ro'n sa regalo mo!"

"Talaga?" sinsero ang naging ngiti ko ngunit hindi ko maiwasang isipin ang lugar na 'yon. **"Ingatan mo 'yon at itago sa kwarto mo. Bagay na bagay kasi sa 'yo ang painting na 'yon."**

Nakangiti siyang nagtaka. **"Mm, talaga? Paano mo naman nasabi?"**

Ngumiti ako. **"Iyong lalaking nakapinta, humihingi ng hustisya. Tulungan mo siya."** Pabiro ko iyong sinabi pero alam ko sa puso kong may bahid ng katotohanan 'yon. **"Anyway, salamat sa party."**

"Okay na ba kayo ni Deib Lohr?"

"Hindi pa."

Napabuntong-hininga siya. **"Mukhang kailangan mong maghabol, Max. Sana ay ayos lang sa 'yo 'yon."**

Kahit na nakakahiya ang katotohanang ipinagagawa niya, hindi ko maiwasang matuwa sa suportang ibinibigay niya. **"Ayos lang, basta para sa kaniya."**

"Sasama kami ni Lee sa Palawan. Tutulungan namin kayong mamunga, hahaha!"

"Loko!"

"Hindi ko makakalimutan kung gaano kang kaganda ngayon."

Ngumisi ako. **"Pasalamat ka at wala rito ang kaibigan mo."**

Nakangisi siyang ngumiwi. **"Magaling nang magtago ng selos ngayon ang lokong 'yon."** Natawa kaming pareho.

Nagkani-kaniyang alis na ang lahat matapos magpaalam. Hanggang sa huli ay hindi mawala ang ngiti sa labi ni Tob dahil sa tuwa. Masaya na rin ako dahil kahit papaano ay hindi ko nasira ang party niya. Bagaman ang napag-usapan namin ni Sensui ang bumabagabag sa 'kin.

Ngunit aaminin kong nang makausap ko si Naih ay gumaan ang pakiramdam ko. Hindi dahil sa nagkaayos na kami. Kundi dahil binigyan niya ako ng pag-asa na hindi ko nakuha kay Sensui kanina. Binigyan niya ako ng liwanag, at daan pabalik.

"Idaan mo 'ko kina Deib Lohr, Maxwell," bago pa man kami makalampas ay sinabi ko na 'yon.

"What? It's late, Maxpein. You'll see him tomorrow."

"Kailangan ko siyang makausap," seryoso kong sinabi.

Napabuntong-hininga na lang siya at walang nagawa. Iniliko niya ang sasakyan nang makarating sa kanto nina Sensui at ipinara ako sa harap ng bahay nito.

"You'll be fine, right?" paniniguro ni Maxwell. Nakangiti ko siyang tinanguan saka nilingon sina Yaz at Maxrill sa likuran.

"Aja!" ani Yaz na sumuntok sa ere.

"Lumipat ka na dito sa harap," utos ko kay Yaz. **"Baka antukin si Maxwell sa pagmamaneho, nakainom 'yan, eh,"** palusot ko.Gusto ko lang asarin ang katabi ko.

"Stay there," pigil ni Maxwell sa akmang pagbaba ni Yaz. **"Don't move, don't go anywhere."**

"Ahh...napaka-possessive mo naman," kinikilig na ani Yaz. Nawala ang ngiti sa mukha ko at pabagsak silang pinagsarhan ng pinto. Nakatalikod kong kinawayan si Maxwell bago ako lumapit sa gate ng mga Enrile.

Ilang beses pa akong nag-doorbell bago napagbuksan ni Manang. **"Gabi na, hija, naparito ka? Tuloy."**

"Si Deib Lohr ho, gising pa?"

"Aba'y natutulog na marahil iyon. Kayganda mo ngayon, ah! Inaasahan ba niya ang pagdating mo?"

"Hindi ho," napilitan akong ngumiti.

"Naku't masosorpresa iyon panigurado!" sa edad niya ay nakuha niya pang kiligin.

Gising pa si Mr. Enrile nang makapasok ako. Walang tanong niya akong pinatuloy at pinaakyat sa kwarto ng anak. Si Manang naman ang masayang naghatid sa akin doon.

"Bukas iyang pinto niya, tumuloy ka na."

"Salamat, Manang."

"Gusto mo ba ng pamalit? Dadalhan kita."

"Hindi na ho," tanggi ko. **"Uuwi rin naman ho 'ko."**

"Sige, maiwan na kita. At ako'y mamamahinga na."

"Good night, Manang."

Pinanood ko siyang bumaba ng hagdan bago ko hinarap ang pinto ni Deib Lohr. Noon palang tumindi ang kaba ko. Kanina kasi ay nangibabaw sa 'kin ang hiya. Paano kasi'y gabing-gabi na, ako pa ang sumadya sa bahay ng lalaki. At ang masama pa ro'n ay deretso sa kwarto niya. Kinapalan ko na lang ang mukha ko.

Nanginginig ang mga kamay ko nang marahang pihitin ang doorknob. Patay na ang ilaw ngunit nakabukas ang TV. Agad na tumama sa kama ang aking paningin, at pareho kaming nagulat ni Deib Lohr nang makita ang isa't isa.

"Maxpein..." sambit niya habang ang remote ay nakaharap sa TV. **"What are you doing here?"**

Naestatwa ako sa pinto at hindi nakapagsalita. Deretsong-deretso ang tayo at kung saan-saan dumadapo ang paningin upang makaiwas sa nagtatakang tingin niya.

Dinig ko siyang bumuntong-hininga at bumangon paalis ng kama. At halos lumuwa ang mata ko nang makitang naka-pyjama bottoms lang siya na silky at kulay dark blue. Dahilan upang bumakat ang bawat detalye at parte ng pang-ibabang katawan niya.

Gusto kong tumalikod pero huli na dahil nakalapit na siya. **"What are you doing here?"** Hinablot niya ang roba at ibinalot sa sarili. **"Stop looking. What are you doing here?"**

"Ha?" napapahiya akong nag-angat ng tingin sa kaniya. Hindi mawala sa isip ko kung gaano kalaki ang ipinagbago ng katawan niya. *Malaking...malaki...* Napalunok ako.

"Maxpein?"

"Ah..." bigla akong napipi.

Kanina ay buong-buo sa isip ko ang pagmamakaawa. Handa akong ibaba ang sarili ko, kahit magmukha akong kahiya-hiya. Ang bawat kilos, reaksyon, at sasabihin ay naplano ko sa isip. Kahit ano pang tutol ng isip ko, dahil alam kong hindi nila ako naiintindihan, ay handa na akong isugal ang lahat sa akin. Bumalik lang siya. Maging akin lang uli siya.

Pero ngayong narito na siya sa harap ko, at dahil sa hitsura niya, ay talagang nablangko ako. Bigla ay wala akong maalala. Wala akong maisip. Wala akong matandaan sa binuo kong plano. Hindi gumagana ang lahat sa 'kin...bukod sa malikot na parte ng utak ko.

Napapitlag ako nang bigla ay ipako niya ang palad sa pinto pasara at halos isubsob ang mukha sa akin. **"Ano ang ginagawa mo dito...sa kwarto ko?"** pabulong niyang sinabi. Ngunit nagawang liparin ng hininga niya ang ilang hibla ng buhok ko, bago dumampi sa balat ko. May kung anong kilabot na idinulot 'yon sa katawan ko.

"I'm..."

"What?" hindi siya makapaghintay sa sagot kong sobrang tagal at bagal. Hindi na talaga gumana pa ang utak ko. Nalintikan na.

Seryosong-seryoso siya at hindi ko alam kung paano niyang nagagawang guluhin ang isip at nararamdaman ko. Parang umiikot ang buo kong sistema dahil sa presensya niya, dahil nandito siya sa harap ko. At dahil alam kong dadalawang saplot lang ang nakasuot sa katawan niya.

Napapikit ako. *Ano ba, Pein! Pein! Pein! Maxpein!* **"Nabitin ako..."** bago ko pa maisip ay nasabi ko na 'yon, ako man ay nagulat sa sinabi ko!

"Nabitin?" nagtataka, napapamaang niyang tanong, nakasunggab sa mukha ko. **"Nabitin ka? Saan?"**

Gusto kong sapakin ang sarili ko nang maisip kong gusto kong tikman ang amoy ng toothpaste na nanggagaling sa bibig niya.

"I mean...sa usapan natin, kanina." Bagaman naisagot ko na 'yon ay hindi pa rin ako makahinga. Pakiramdam ko ay noon ko lang pinagdurusahan ang hapit na suot ko.

"Bakit, may sasabihin ka pa?"

Tumingin ako sa mga mata niya at pinapirmi ang malikot na parte ng utak ko. **"Gusto kong bawiin mo 'yong mga sinabi mo,"** pabulong na sabi ko.

"Bakit?"

Napalunok ako. Hindi nagbabago ang kaniyang hitsura. Talagang winiwindang niya ang sistema ko. **"Because that's unfair."**

"And you want me to make it fair? How?"

"Come back to me...please."

"Ako ba ang umalis? Bakit kailangang ako ang bumalik?" tanong niya dahilan para mapatitig ako sa mga mata niya.

Napailing ako nang maisip ang punto niya. **"'Wag mo 'kong iwan, please."**

"Ikaw ang nang-iwan. Nandito pa rin ako sa lugar kung saan mo ako iniwanan."

Mas napatitig pa ako sa kaniya saka muling umiling. **"'Wag mo 'kong hiwalayan."**

"Magkasama tayo ngayon. Hindi magkadikit pero at least...magkalapit."

"Bakit ba napakasarkastiko mo!" nag-init na ang ulo ko.

"Ano ang ginagawa mo dito?" seryoso niyang tanong, nagdidilim ang mukha.

Napipi na naman ako at walang maapuhap na salita. Sunod-sunod akong napalunok. **"Look,"** sumeryoso ako. Sinadya kong iwasan ang tingin niya para hindi mawala sa sarili. **"I'm not blaming you,"** inunahan ko na siya. **"But I demand for all the things that I deserve, because I have dealt with everything I did not deserve."** Nangilid ang mga luha ko. **"Nakikiusap ako. Lahat ng laban ay kaya ko maliban dito. Hindi ko kayang manalo sa 'yo."**

Umayos siya ng tayo at tumitig sa akin. Seryosong-seryoso, madilim ang mukha at malalim ang iniisip. Habang ako naman ay nananatiling nakatingala sa kaniyang mukha.

"Talagang hindi ka mananalo," unti-unti siyang yumuko papalapit sa akin. **"Dahil kwarto ko ang pinasok mo...*Taguro*."** Naestatwa ako nang ilapit niya ang mukha sa akin at titigan ako nang deretso!

Hindi ko malaman ang mararamdaman. Ang marinig ang bansag na 'yon mula sa kaniya ay parang nilamukos ang pira-piraso kong puso. May kung anong dumaloy mula sa dibdib paibaba sa katawan ko. Hindi ko maintindihan! Para akong kiniliti ngunit buong katawan ko ang nakaramdam.

"Pero dahil sa suot mo at amoy, handa akong magpatalo," nakangising aniya saka dinampian ng halik ang pisngi ko.

Napamaang ako at agad na bumilis ang paghinga. Dampi pa lang iyon at sobrang gaan pa, gano'n na ang epekto niya. *Paano pa kaya kung...* Napapikit ako nang maglamyerda ang isip ko. At muling bumalik sa sitwasyon nang maramdaman ko ang maliliit at tipid na damping iyon sa leeg ko.

Nahugot ko ang hininga at napapikit nang maramdaman ko ang gumagalaw na labi at dila niya sa gilid ng lalamunan ko. At bago ko pa man mapigilan ang sarili ko ay napaungol na ako nang sipsipin niya ang malambot kong balat doon.

Para naman akong tinutunaw sa hiya nang marahan siyang umayos ng tayo at deretso muling tumingin sa 'kin. Hindi ko magawang tingnan siya sa mga mata. Ang kabog sa dibdib ko ay pinagwawala ang buo kong sistema. Hindi ko magawang kumilos ngunit may kung anong parte sa 'kin na tila pinupulupot.

"Magbibihis lang ako, ihahatid na kita sa inyo," bulong niya saka tinalikuran ako.

Wala akong nagawa kundi ang lumunok at sundan ng tingin ang likuran niya. He left me unable to think, feeling something unfamiliar and lost in the moment.

I want your hands and lips on me, Sensui. Kung hindi ka huminto ay talagang bibigay ako. At hindi ko 'yon pagsisisihan, pangako.

~ To Be Continued. . .~

OceanofPDF.com

CHAPTER 239 : THE END Part 3

CHAPTER 239 : THE END Part 3
DEIB LOHR'S POV
"THANK YOU."

Bumuntong-hininga ako bago tuluyang lumingon kay Maxpein. Saka napilitang ngumiti. **"You're welcome."**

Naiilang siyang tumitig sa 'kin, nakamaang ang labi na tila ba kinakapa kung ano ba ang dapat niyang sabihin. Bumuntong-hininga ako saka inihilig ang ulo ko sa sandalan. Saka ako deretsong tumitig sa kaniya. Dahilan para lalo siyang mailang.

Kumibot ang labi niya, sa maangas niyang paraan, saka pasiring na nag-iwas ng tingin.

Kakaiba talaga...kakaiba pa rin talaga.

Nakabibingi ang katahimikan. Tanging kuliglig na maligalig sa gabi ang maririnig. Batid kong naiilang siya sa gano'ng sitwasyon namin sa sandaling iyon. Kaya nga hindi niya magawang tumingin nang deretso sa 'kin. Naglilikot lang ang mga mata niya saka pasimpleng sumusulyap sa 'kin. Pero dahil hindi ko inaalis ang paningin sa kaniya, 'ayun at nahuhuli ko siya.

"Bakit?" tanong niya. Hindi naman ako kumibo. **"Meron ka pa bang sasabihin?"** nauutal na tanong niya, umaasa.

Umiling ako. **"Ikaw?"**

Parang nagulat siya sa tanong ko. Inosente siyang tumitig sa 'kin saka umiling.

Gusto kong matawa. Sa ikinikilos niya ay para bang isa siya ro'n sa mga taga-hanga ko. Na tila ba hihimatayin na makita lang akong sumulyap sa kanila.

Maging ako man ay hindi alam ang sasabihin. Ni wala yata akong gustong sabihin. Gusto ko lang ang sandaling 'yon. Na nakatingin ako sa kaniya at nakikita ko siyang gumagalaw. Kontento na 'ko ro'n.

Nang makontento ay umibis ako sa sasakyan upang pagbuksan siya at alalayang bumaba. Sa saglit na pagkakadaupang-palad namin ay naramdaman ko ang panlalamig niya at panginginig.

Hindi maalis-alis ang mga tingin niya sa 'kin kaya naman kaswal ko siyang tiningnan. Nagtatanong ang mga mata niya ngunit hindi ko malaman kung paano 'yong sasagutin. Hindi ko pa rin malaman ang sasabihin. Lalo pa at hindi mawala sa isip ko ang ginawa ko kanina. Hindi ko inaasahang magagawa ko 'yon, nabigla rin ako.

"See you tomorrow," mahinang aniya.

"See you."

"Take care." Halatang nag-aalangan pa siyang talikuran ako. Halatang handa siyang maghintay kung sakaling may gusto pa akong sabihin. Halatang ayaw niya pang matapos ang gabing 'yon. Halatang ayaw niya pa akong umalis. Halatang gusto niya pa akong makasama.

"I'll go ahead," kaswal kong sinabi dahilan para bumagsak ang mga balikat niya at bumalatay ang panghihinayang sa kaniyang mukha.

Hindi ko na siya hinintay pang magsalita. Mabilis akong bumalik sa sasakyan at nagmaneho pauwi. At habang mag-isa sa tahimik at madilim na biyahe ay pilit kong nilalabanan ang lungkot na pilit din akong nilalamon.

"Where have you been?" nagulat ako nang bumungad sa 'kin ang nag-aalalang mukha ni mommy. **"Anak, gabi na, saan ka ba nagpunta? Hinanap ka namin sa kwarto mo, wala ka. Tinatawagan ka namin pero iniwan mo ang telepono,"** kunot-noong aniya pa.

Bukas ang lahat ng ilaw sa buong bahay. Gising din sina Manang at daddy, maging si Lolo Dei Min ay naro'n. Kahit hindi niya sabihin ay alam kong nag-alala siya, nababasa 'yon sa buo niyang mukha.

"I'm sorry," napabuntong-hininga ako. **"Inihatid ko si Maxpein."**

"I told you," ani daddy na hinagod sa balikat si mommy saka bumaling sa 'kin. **"Sinabi ko sa mommy mo na baka inihatid mo si Maxpein sapagkat nanggaling siya rito. Hindi siya maniwala sa akin, alalang-alala sa 'yo."**

Lumapit ako at niyakap si mommy. Inamoy-amoy ko ang buhok niya. Nilalamon na naman ako nang matinding lungkot sa puso ko at hindi ko pwedeng ipakita sa kanila 'yon ngayon. Paniguradong maghihitserya na naman sa pag-aalala ang mommy ko.

"I'm here now," pabulong kong sabi. **"Pasensya kung hindi na ako nakapagpaalam. Natutulog na kayo."**

"Don't do that again, okay?" nagbabanta niyang sinabi. Nagulat ako ngunit agad ding nakabawi at tumawa. **"Deib Lohr!"**

"Yes, mom," napabuntong-hininga ako. Hindi na talaga ako makakawala sa pagkakatali sa mommy kong ito. Hindi na mauubos ang pag-aalala niya at habambuhay kong ipagpapasalamat 'yon. Siya lang ang babaeng hindi sumuko sa 'kin, at ipinangako ko sa sarili kong hindi ko siya susukuan.

"Ihahatid kita sa kwarto," aniya na hinila ako sa braso. **"Next time ay magpaalam ka, wake me up. Kahit anong oras pa 'yan ay gigising at babangon ako. Alam mong mag-aalala ako, Deib Lohr."**

"Yes, mommy," natatawa kong sabi.

"Don't make fun of this, Deib Lohr. This is serious."

"I know, mom. I will keep that in mind, don't worry," hinalikan ko siya sa sentido.

Gusto kong matawa dahil inihatid niya ako hanggang sa kama. Halos ipaghubad niya pa ako ng polo at buhatin ang hita ko para tuluyang makahiga. Maging ang comforter ay hinila niya upang itabing sa 'kin.

'Tsaka siya naupo sa gilid ng kama nang may magkahalong lungkot at pag-aalala sa mukha. **"Hindi ko man lang nakita si Maxpein, sana ay ginising mo ako,"** nakasimangot niyang sabi. **"Nagkausap na ba kayo ni Maxpein?"**

Inaasahan ko nang mag-uusisa siya. **"Yeah."** Nag-iwas ako ng tingin.

"How is she?"

"She seems fine, well, I guess she's fine."

Ngumuso siya. **"Of course she's not! Bad..."**

Natawa ako dahil sa kaniyang tono. **"Ano'ng gagawin ko?"** malayo ang tinging tugon ko.

Dinig ko siyang bumuntong-hininga, at alam ko na ang kasunod no'n. Gaya nang inaasahan ay hinaplos niya ang pisngi ko upang magtama ang paningin namin. Nalulungkot niya akong nginitian. Alam kong sa isip niya ay hinihiling niyang sana ay matapos na ang pinagdaraanan namin ni Maxpein, at maging masaya na kaming pareho. Saulo ko na 'yon. Ilang beses na 'yong sinabi ni mommy sa 'kin. Ilang beses na rin 'tong nangyari. Pero hindi ako magsasawang pakinggan siya nang paulit-ulit. Ang pinagsasawaan ko ay ang malungkot at masakit na pakiramdam.

"Everything will be fine, baby," nakangiting aniya, ngumiti rin ako. Hindi na 'yon ang unang beses niyang sinabi 'yon. **"Some things don't easily fit but sooner or later everything will be fine."**

Nagbaba ako ng tingin. **"I want to sleep now, mom."**

Muli siyang bumuntong-hininga saka hinaplos ang buhok ko. **"Sige na, anak, babantayan kita."**

"Mom?" nanlulumo kong bulong.

"What?" ngumuso siya. **"Ayaw mo na ba nang nandito si mommy?"**

"I'm fine, don't worry about me," kunot-noo akong nag-iwas ng tingin.

"Simula nang maging engineer ka ay ayaw mo na akong katabi. Irritable ka na whenever I'm around."

"Mom, college pa lang ay ayaw na kitang katabi."

"See!" nagmamaktol niyang angil. **"Nagbago ka na sa mommy mo,"** nagpanggap siyang sumisinghot sa pag-iyak. **"You're really bad."**

"Hindi na ako bata, mommy. Hindi na rin ako binatilyo, please." Ipinakita ko sa kaniyang seryoso talaga ako.

Alam kong itinatago niya sa paglalambing ang malalim na pag-aalala. Inaalala niya na naman ang mararamdaman at nararamdaman ko ngayong nagkita, nagkasama, at nagkausap kami ni Maxpein. At nasisiguro kong hindi niya ako talaga iiwan. Ayaw niyang solohin ko ang gabing ito. Hindi bale nang mapuyat siya, mabantayan lang ako. Iyon si mommy. Dahil alam niyang hanggang ngayon, sa t'wing mag-isa ako, umiiyak pa rin ako sa sakit.

"Come on, mom," nakikiusap kong sabi.

Malungkot siyang tumitig sa 'kin. **"Ayaw mo nang nandito si mommy, *por que* big ka na."**

"Mommy?"

"Dati you are crying kapag wala si mommy. You always want to dede."

"Oh, come on!" isinuko ko ang pareho kong kamay, 'ayun na naman 'yong mga saulo ko nang linya niya.

"Tapos kapag may sakit ka ay umiiyak ka at ayaw mong umaalis si mommy."

"But I'm not sick right now, I'm fine."

"Ayaw mo na sa mommy."

"Tsk. Mom?" hindi na ako nagdalawang-isip na ipakitang naiinis ako. **"I'm fine, believe me."**

"Okay, okay," nakanguso siyang tumayo. **"I'll sleep na lang sa sofa, I'll be fine there. The aircondition is low so hindi ako lalamigin, I'm fine. We have no lamok here inside so I'll be fine sa sofa for sure."**

"Mom!" naiinis kong singhal.

"Okay, baby, I'm on my way na to our room! Ikaw naman, ang init-init ng ulo ng baby ko, hihihi," nag-peace sign siya sa 'kin.

"I love you," kunot-noo kong sabi.

"Omo!" masaya siyang pumalakpak. **"I love you, too, baby, good night! I can't wait to see you tomorrow!"** Walang hinto ang pagsasalita niya habang papalapit sa pintuan.

"Tch. Don't wake me up," banta ko.

"Of course not, that's a big no-no!" kumakaway na aniya na animong naka-set na 'yon sa isip niya, susundin niya talaga.

"I love you, good night," itinabing ko na ang comforter sa sarili at saka pumikit.

Muling nangunot ang noo ko nang hindi ko marinig ang tunog nang sumarang pinto. Ngunit bago pa ako makapagmulat nang tuluyan ay agad na 'yong ginawa ni mommy. Napabuntong-hininga na lang ako, mas lumala pa talaga ang kakulitan ng mommy ko magmula nang magkandaloko-loko ang sistema ko.

Talagang ibang mag-alala ang isang ina. Wala pa man ay nahuhulaan na nila kung ano ang mangyayari sa pinakamamahal nilang anak. Dahil nang sandaling lamunin ng dilim ang buo kong kwarto ay muling nagbago ang nararamdaman ko. Ang lungkot na 'yon na pilit kong iniiwasan ay hinahabol na naman ako. Wala pa man akong naiisip ay mabilis nang nangilid ang mga luha ko. At kahit anong pagkakakunot ng noo ko ay hindi 'yon mapigilan.

Maxpein...

Napapikit ako nang bumalatay sa paningin ko ang buong mukha niya. At kahit anong pagpipigil ko ay kusang tumutulo ang aking mga luha.

Karapat-dapat ba ang mahinang tulad ko sa 'yo? Hindi ko kayang ipaglaban ka sa mga taong gustong manakit sa 'yo. Pamilya ko nga ay hindi ko magawang protektahan, paano pa kaya ang sa 'yo? Tanging presensya at oras lang ang maibibigay ko sa mga kaibigan ko. Hindi gaya mo na napakaraming kayang gawin para sa mga ito. Hindi tayo magkapareho, magkaiba ang mundo natin. At kung pipilitin kong pumasok sa mundo mo ay hindi lalo tayo magkakaintindihan, kahit ilang beses pa nating pagbigyan at pakinggan ang isa't isa. Kahit ibuwis ko ang buhay ko, hindi ko magagawang isalba ang sinumang taong gusto kong protektahan. Dahil hindi ako kasinglakas mo, Maxpein. Hindi ako katulad ninyo. Kaya

mong mamatay nang lumalaban. Samantalang ako, puro galit lang ang mararamdaman hanggang sa magkamatayan.

Paulit-ulit na ibinulong ng isip ko ang pare-parehong salita buong magdamag. Dahilan upang abutan ako ng liwanag, nang hindi man lang nakakatulog. Hindi man lang nagbago ang posisyon ko. Maging ang pagkakatitig ko sa bintana ay hindi nawala. Tuloy ay napanood ko nang lamunin ng liwanag ang dilim. Naramamdaman ko nang pawiin ng init ang lamig. Nalunod ako nang tuluyang kainin ng lungkot ang katinuan ko.

"Deblor, hijo, nakatulog ka ba?" naghihisteryang tanong ni Manang, tumunghay para tingnan ako. **"Hijo,"** inuga niya ako. Hindi ko man lang naramdaman ang pagpasok niya.

"Hindi ako makatulog, manang."

Napapamaang siyang tumitig sa 'kin, balatay ang pag-aalala sa mukha. At nang hindi siya magsalita ay mukhang alam niya na ang dahilan ko. Si Maxpein.

"Sandali at tatawagin ko ang mommy't daddy mo—"

"'Wag mo nang sabihin sa kanila, manang," pinigilan ko siya sa braso saka ako bumangon. **"Please."**

"Hijo..."

"Ayos lang ako," kaswal kong sinabi.

"Alam mong hindi makabubuti sa iyo ito, hijo."

"Hindi ko naman madalas na ginagawa 'to. Hindi lang talaga ako nakatulog ngayong gabi."

"Ngayon na lang uli nangyari ito sa iyo. Iniinom mo ba nang tama ang gamot mong bata ka?" wala pa man ay nanenermon na ang tinig niya. Tumango ako. **"Kailangang malaman ito nina Lacey at Lohrton."**

"Ayoko nang bumalik sa ospital. Ayoko nang uminom ng gamot. Kaya 'wag mo nang ipaalam sa kanila."

"Pero, Deblor..." naupo siya sa tabi ko at hinaplos ako sa buhok. **"Hindi makabubuti sa iyo ito."**

"Kaya ko naman, manang. Hindi ko lang maiwasan dahil hanggang ngayon ay parang nabibigla pa rin ako." Nag-angat ako ng tingin sa kaniya at saka ko pinilit na ngumiti. Hindi man nabago ng ngiting 'yon ang pag-aalala sa mukha niya, nasisiguro kong hindi na siya magsasabi pa kina mommy. **"Makikita ko ulit siya mamaya. Ayos na sa 'kin 'yon."**

Bumuntong-hininga siya at nang makita kong para siyang maluluha ay nag-iwas na ako ng tingin. **"Pasensya ka na't nagiging emosyonal ako.**

Bumangon ka na riya't ipaghahanda na kita ng agahan. Hindi ka pwedeng mag-jogging ngayon at wala kang tulog, Deblor!" isa-isa niyang pinulot ang mga damit na isinuot ko kagabi.

"I'll be there, give me five minutes."

Bumangon ako at binuksan ang sound system, halos itodo ko ang volume niyon. Gusto ko iyong dumadagundong sa lakas na kanta. Iyong kantang kaya akong gulatin. Iyong kantang kaya akong pasayawin. Iyong kantang kaya akong pakantahin. Iyong kantang magagawang iparamdam sa akin na hindi ako nag-iisa. Iyon ang parati kong pinakikinggan.

Matapos kong maligo ay inihanda ko na rin ang maletang dadalhin ko. Namili na rin ako ng mga dadalhing damit. Maging ang mga gamit na kakailanganin ko sa proyektong ito ay isa-isa kong isinilid sa briefcase.

Ang totoo ay hindi ko maintindihan kung bakit napakalaki ng in-offer sa akin ni Maxwell para sa proyektong ito. Lingid sa kaalaman niya ay ipinibisita ko na sa ilang tauhan ang site niya. At maging ang mga tao ko ay nagtataka kung para saan nga ito. Maayos na raw ang pagkakatayo ng hospital, bukod sa panibagong homestay na gustong ipatayo ni Maxwell.

ALAS dos ng hapon nang dumating ang ilang tauhan ng pamilyang Moon upang sunduin kami. Nagulat pa kami nang malamang kami lang pala ang pupunta sa Palawan dahil nauna na ang pamilya nito. Maaga raw nang umalis ang mga Moon dahil may mga kailangang asikasuhin.

Ang kanang kamay ni More na si Dirk ang siyang umalalay sa 'min. Noon ko lang siya nakilala, hindi ko matandaang nakita ko siya sa North Korea. Pero sa kilos at pananalita niya, sa paraan niya nang pag-aasikaso sa 'min, masasabi kong hindi na siya baguhan. Ang totoo ay napakapropesyonal nito. Bagaman kagalang-galang ding tingnan ay nagagawa nitong iparamdam sa 'min na naro'n siya para maglingkod.

Gusto kong magtaka nang makita kung gaano kami karami. Halos lahat kasi ng kaibigan namin ni Maxpein ay naroon, lahat ng malapit sa amin ay sasama. Maging sina Kimeniah at Keziah.

Ang inaasahan ko kasi ay kaming magkakaibigan lang, at bukod sa mga Moon ay mga magulang ko lang ang nakatatanda ro'n.

Apat na sasakyan ang inihanda ng Moon para sa aming lahat. Bagaman napakaluwang ng mga iyon, panay ang sabi nilang masikip kami. At talaga namang sinisiguro nilang komportable ang bawat isa.

Napakarami pala nilang inimbitang magbakasyon kung gano'n. Hindi ko tuloy naiwasang isipin na gano'n kaespesyal ang pagbubukas ng ospital ni

Maxwell.

"Talaga namang napakagalante ng mga balae ko," biro ni daddy saka sumulyap sa 'kin.

Nag-iwas lang ako ng tingin at hindi na namansin. Lalamunin na sana ako nang malalim na pag-iisip nang matinag ako sa magkakasunod na katok sa bintana.

Nagtataka akong nag-angat ng tingin. Agad na nangunot ang noo ko nang makita si Chairman Enrile. Nakatunghay at namamanglaw ang mga mata sa pagkakasilip sa 'min. Sa kamay ay hila niya ang isang itim na maleta.

Nagbaba ako ng bintana. **"Chairman,"** kaswal kong bati.

"Deib Lohr," napakaganda ng kaniyang ngiti, hindi ko magawang tugunan. **"Maaari ba akong sumama?"** tanong niya na hindi malaman kung bakit punong-puno ng hiya.

Hindi ko nagawang sagutin siya. Hindi ko na naman kasi matandaan kung kailan ko siya huling nakita. Madalang na siya kung bumisita sa bahay. Nadidinig kong tumatawag siya pero tanging sina daddy at lolo ang kinakausap niya. Ang huling balita ko ay abala siya sa pakikipagsyosyo sa iba't ibang korporasyon ngayon. Bukod do'n ay wala na akong nalalaman, hindi ko rin ugaling magtanong. Nalalaman ko lang ang mga 'yon sa t'wing mababanggit ng pamilya ko.

"Of course, Chairman," aligagang tugon ni mommy na talagang umibis pa para papasukin ang Chairman. **"This is so exciting! We're so complete! Are you excited, RD?"** Alam kong ibinabaling lang ni mommy ang atensyon dito para mamatay ang namuong tensyon.

Napapabuntong-hininga akong nag-iwas ng tingin at tumulala na lang sa labas. Masiyado akong nilalamon ng halo-halo kong emosyon para tumanggap ng panibagong mararamdaman. Ayokong magalit, pagod na 'kong magalit sa Chairman. Hindi ko na rin kailangan pa ng paliwanag niya, na paikot-ikot at kompleto naman, pero hindi ko pa rin maintindihan. Natutunan ko na siyang patawarin nang hindi na rin pinakikialaman.

"We're leaving," anunsyo ni Dirk at mayamaya lang ay tumakbo na ang sasakyan.

Maingay ang byahe. Hindi mabitiwan ni Randall ang gitara, hinaharana ang asawa na tawa lang nang tawa.

"Kumusta, Deib Lohr?" hindi ko inaasahang maglalakas-loob ang Chairman na tanungin ako sa gitna ng biyahe.

"Ayos lang, Chairman," kaswal kong tugon.

"Lalong lumalago ang kompanya mo, lalo mo akong pinahahanga."

Hindi ko malaman kung ano ang isasagot sa sinabi niya. **"Salamat,"** na lang ang naitugon ko.

"Nakakahiya mang sabihin pero ako mismo ay ipinagmamalaki na ikaw ang kaisa-isang myembro ng pamilyang ito na lumihis sa aking gusto," sinserong aniya, talagang hangang-hanga. **"At nakakatuwang ipagmalaki na ikaw ang naging pinakamatagumpay."**

Dahil sa mga sinasabi ng Chairman ay tumahimik ang kaninang maingay at masayang byahe. Wala man sa 'kin ang paningin ng lahat, ramdam kong nakikiramdam lang sila sa 'min. Inirerespeto ang sandali namin ni Chairman.

"Kahapon lang ay binisita ko ang pamilyang Funtales, mayroon sila niyong ipininta mo," patuloy niya. Tumango lang ako. **"At kahapon din ay nalaman kong nagpunta si Maze Moon doon sa store mo."**

Doon ko na siya nilingon. **"Galing ako ro'n, hindi kami nagkita."**

Ngumiti siya saka tumango. **"Nagpunta siya nang malaman kay Maxpein na nagpipinta ka."**

Nag-iwas na ako ng tingin. **"Gano'n ba. Hindi maganda ang panahon kahapon, 'buti nakabisita siya sa Maynila."**

Sa gilid ng isip ko ay nagpapasalamat ako na binili ni Maxpein ang obra na ibinase ko sa palasyo ng parliyamento. Dahil kung nagkataong nakita 'yon ni Maze ay hindi ko malalaman kung paano itong haharapin ngayon. Paniguradong magagalit sa akin ang pamilyang Moon. Ngayon nga lang ay hindi ko makalimutan ang mapanghusga at galit na mga mata ni Maxpein kahapon nang makita 'yon.

"Binili niya ang halos lahat ng obra mo," balita ni Chairman dahilan para muli akong matigilan at mapalingon sa kaniya. **"Iyon ang ireregalo niya kay Maxwell para sa pagbubukas ng sarili nitong ospital."**

"Wow," namamangha kong bulong.

Aaminin kong hindi ganoon kabenta ang store ko. Kung ikokompara iyon sa mga kilala nang painting gallery store, walang sinabi ang store ko. Kinailangan ko pa ngang lagyan iyon ng mga kilalang obra ng iba't ibang sikat na pintor. Isa rin kasing pantakam sa mga mata 'yon para dayuhin o pasukin man lang ang store. Dahil kung ang sarili ko rin lang mga obra ang aking ibebenta, hindi ako kikita. Sino nga ba naman ako? Bukod sa isa akong baguhan sa industriya ng sining, hindi ganoon kalalalim ang mga naipinta ko. At karamihan sa mga ipininta ko ay pansariling inspirasyon at

dahilan. Sadyang kinakitaan lang ito ng mga kaibigan ko ng kakaunting ibubuga para pagkakitaan.

Ngunit dahil magdadalawang taon pa lang ang store na 'yon, hindi pa ako umaasang lalago agad iyon. Si Lee ang advisor ko pagdating sa business industry. At ayon sa kaniya ay kailangan kong maghintay hanggang apat o limang taon bago ko maramdaman ang tagumpay.

"Hindi nabanggit sa akin ng manager 'yan," sabi ko saka muling nag-iwas ng tingin. Dapat lang na sabihan ako nito kung gayong gano'n pala karami ang binili ni Maze. Kailangan namin siyang bigyan ng gift of appreciation.

Hindi na mawala sa isip ko ang pakikipagharap kay Maze. Gusto ko siyang pasalamatan nang personal pagkarating na pagkarating sa Palawan. Tuloy ay hindi ko namalayang nakarating na pala kami sa pribadong bahagi ng airport. At imbes na pumasok ay dumeretso na kami airport ramp. Talaga palang ganoong kalakas ang mga Moon para makapasok kami ro'n nang walang kahirap-hirap.

Doon ay hindi na ako nahirapang makita kung alin sa mga nakaparkeng eroplano ang pag-aari ng mga Moon. Ang simbolo na naro'n ay nagdudulot ng kung ano-anong emosyon at alaala sa akin. Agad akong nag-iwas ng tingin at pilit iyong hindi na tingnan. Bagaman makulimlim ang panahon ay isinuot ko ang aking shades.

"Oh, my god! Sa Moon family ito?" Gaya nang inaasahan ay kaliwa't kanang papuri, paghanga at gulat mula sa mga kaibigan at pamilya ko ang aking narinig.

Hindi sila magkandaugaga sa pag-uunahang makasakay sa eroplano. Hindi kasi iyon 'yong private jet na nakita at nasakyan nila noon. Tuloy ay natatawa silang inalalayan ni Dirk na noon ay panay ang ngiti at tango habang iminumuwestra ang daan.

Walang sinabi ang alinmang first class, lalo na ang business class ng ibang eroplano sa isang 'yon na pag-aari ng mga Moon. Dahil hindi ka lang magiging komportable sa pagbibiyahe oras na makasakay ka sa ipinagyayabang nilang eroplano. Paniguradong ang ilan sa mga kasama ko ngayon ay gugustuhin nang tumira ro'n.

Tch. Paano ko bang makakalimutan kung gaano kaganda ang chopper nila?

Wala na akong masabi sa pamilyang Moon. Kung nakaangat kami sa buhay ay higit na sila. Pero kahanga-hangang ang kayabangan nila, imbes

na maasar ay mabibigla ka na lang at sa huli ay matatawa. Dahil ang pagyayabang nila ay sa seryosong paraan nila ipinararating, may kahalo pang kapangyarihan. Hindi mo aasahan.

"Bakit kaya hindi natin i-request sa Maxpein na sa Korea naman tayo dalhin? Panay-panay ang pagpa-Palawan natin, ah?" mayamaya ay biro ni BJ. **"Tutal ay sa kanila naman itong eroplano."**

"Oh, 'di ba? Manggagamit na manggagamit lang ang eksena mo, 'te!" angil naman ni Migz. **"May trabaho ka na't lahat, umaasa ka pa rin sa libre! Umaasenso ka sa pang-aabuso, eh, 'no?"**

"At talaga namang sa pananalita mo ay para bang ako lang ang nakinabang sa eroplano?" palag ni BJ.

"At least ako, halatang bakasyonista. Eh, ikaw, 'te?"

"Ano na naman!"

"Oportunista!"

"Letse ka, 'te, ah!" napipikang ani BJ. Hindi pa rin namin naiwasang matawa. **"Kung makaalipusta ka sa 'kin, eh, hindi naman halatang may pasaporte ka!"**

"Excuse me, may passport ako, 'no!"

"'Sus! Paano ka nagkaroon, may *bercificate* ka ba?" mataray na ani BJ dahilan para matawa silang magkakaibigan.

"Tigilan ninyo na 'yan, hindi na magkandaugaga katatawa si Michiko," saway ko. Pero sa isip ko ay nag-aalala akong baka humigit pa ro'n ang biruan nila. At hindi iyon magustuhan ng mga tauhan ng pamilyang Moon. Lalo pa at maselan ang mga batas ng bansa nila, na hindi nalalaman ng mga kasama ko.

"Excuse me, past is past, 'no," mataray ngunit natawa ring ani Michiko. **"Hindi lang birth certificate, may passport na rin ako."**

"Taray!" sabay na anang dalawang bakla. **"Eh, visa, meron ka?"** tanong ni BJ.

Natigilan si Michiko. **"Ha? Kailangan ba?"**

Tumawa nang malakas ang dalawang bakla. **"Past is past pala, ah? Bakit parang may flashback ka?"**

"Nakakainis kayo!" nakangusong ani Michiko.

"Tigilan ninyo ang girlfriend ko, kakasuhan ko kayo," banta ni Tob.

Napuno ng tawanan ang eroplano, maging ako ay napapangiting umiling. Sa layo kasi ng upuan ng dalawang bakla sa isa't isa ay kailangan pa nilang

magsigawan upang magkarinigan. Tuloy ay napunta ang atensyon ng lahat sa kanila. Dahilan para maging masaya ang buong byahe namin.

Mas tumindi pa ang ingay nila nang sa wakas ay makarating kami sa Palawan. Natatawa na lang ako dahil hanggang ngayon ay nag-uunahan ang mga kaibigan ko na malanghap ang simoy ng hangin. Sadyang kakaiba 'yon, ang totoo ay iyon ang una nilang hinahanap sa t'wing pupunta kami rito. Maging ang mommy ko ay nakitakbo sa mga ito na animong walang dalawang matatandang anak.

"This way, sir," nagsalita si Dirk sa likuran ko, iginigiya ako papunta sa nakaparkeng sasakyan.

Nangunot ang noo ko. **"Sino ang sumundo sa atin?"** tanong ko.

"Driver ni Chairman Mokz, sir."

"Wala si Mang Pitong?" Ang totoo ay kaya panay ang paglinga ko ay dahil inaasahan ko si Mang Pitong. Ngayon lang siya pumalya sa pagsundo sa amin.

"Hinihintay niya tayo sa daungan, sir."

"Okay," nakahinga ako nang maluwag. **"Deib Lohr na lang,"** tipid ang ngiti kong sabi saka ako tuluyang sumakay.

"Sige, sir," kaswal pa ring aniya. Nagugulat naman akong tumingala sa kaniya saka kami parehong natawa.

Ilang minuto pa kaming nanatili sa parking dahil sa walang-tigil nilang pagkuha ng picture. Natatawa ako kay mommy dahil daig niya pa ang mga kaibigan ko, napakarami niyang nalalaman na pose.

"Kailangan na po nating umalis," inagaw ni Dirk ang atensyon ng lahat. **"Hinihintay na tayo ni Miss Maxpein Moon,"** nakangiti niyang dagdag sabay sulyap sa akin.

Nawala ang ngiti sa labi ko at saka ako kunot-noong nag-iwas ng tingin. *Bakit kailangang tumingin pa sa 'kin? Tch.*

"Let's go, let's go!" ani mommy na animong bata, dinaig pa si RD. **"Yiee, naghihintay na raw si Maxi, anak!"** aniya pa sa 'kin. Hindi na ako kumibo. **"Anak!"**

"What?" iritable kong sagot.

"Naghihintay na raw si Maxi!"

"I heard it, mom."

"Nag—"

"Mom," hinawakan ko siya sa braso upang pigilan sa pangungulit. Dahil kapag sinimulan niya at narinig ng mga kaibigan ko ay paniguradong

gagatungan 'yon ni Tob. At hindi na 'yon mahihinto pa.

Sumimangot siya. **"I was going ask if you're hungry sana but you stopped me. Bad."**

"I'm not," nag-iwas na lang ako ng tingin. Ginagawa niya na naman akong bata.

Halos wala akong makitang bago sa lugar. Marahil ay dahil ilang buwan pa lang ang nakararaan nang huli akong magpunta ro'n. Hindi gaya no'ng mga nauna kong punta, taon yata ang pagitan.

"*Bagay*!"

"Mang Pitong!" nakangiting salubong ko.

Nang makasakay kami sa yate ay agad akong nakipagkumustahan kay Mang Pitong. Gaya nang dati ay tuwang-tuwa siya dahil sa dami ng taong kasama ko. Kunsabagay ay noon lang talaga kami naging ganoon karami. Halos hindi tuloy kami magkasya sa cabin.

"Nakahanda na ang hapunan ninyo doon," ani Mang Pitong. **"Napakaraming ipinahanda ni Ma'am Maxpein para sa inyo. Ganito pala kayo karami,"** nakangiting aniya, hindi na halos makita ang mata.

"Dapat lang," mataray na ani Parrot. **"Sa tagal niyang nawala ay kailangan niya talagang maghanda."**

Tumawa si Mang Pitong. **"Ganoon talaga ang mga Moon. Sa dami nilang responsibilidad sa buhay, madalang silang magtagal sa iisang lugar."**

Bigla ay nalungkot ako sa katotohanang sinabi ni Mang Pitong. Posibleng nasabi niya iyon sa literal na paraan. Pero ang kalaliman niyon ang naiintindihan ko.

Tch. Malungkot akong ngumisi saka wala sa sariling umakyat sa deck. Napapabuntong-hininga kong hinimay sa isip ang mga nalalaman ko sa pamilyang Moon. Tuloy ay nararamdaman ko ang malaking kaibahan ng pamumuhay namin. May mga responsibilidad silang hindi ko lubos maisip na posible, na nangyayari sa ibabaw ng mundong ito. At sa t'wing maaalala ko kung anong klase ng buhay ang meron sila sa North Korea, hindi ko pa rin magawang maniwala.

Tahimik kong pinanood ang tubig. Napapangiti ako sa t'wing may maaaninaw akong malalaking isda na nakikisabay nang paglangoy sa amin. Maging ang malalayong bulubundukin at isla ay payapa kong tinatanaw.

Nahinto lang ako nang maramdaman kong may sumampa sa deck. Natanawan ko si Kimeniah na tutok na tutok sa camera niya. Pinanood ko

siyang pumostura at kumuha nang kumuha. Nilingon ko ang gawing kinuhanan niya, bukod sa tubig ay wala namang magandang tanawin.

"Kimeniah," pagtawag ko.

"Deib Lohr," hindi niya inaasahang makikita ako. Nakangiti siyang lumapit sa 'kin. **"Nandito ka pala."**

"Kanina pa." Muli kong tinanaw ang kinuhanan niya. **"What are you doing here?"**

Isinenyas niya ang camera. **"Alam mong hilig ko na ito."**

Nakangiwi akong tumango. **"Akala ko ay dahil alam mong nandito rin ako."**

"Excuse me," mataray niyang sagot. Natawa lang ako.

Hindi lang ako kumikibo pero nararamdaman kong dumidistansya sa 'kin si Kimeniah. Mula nang makabalik si Maxpein, nang makita niya ito sa BIS, nang unang beses na magkaharap kaming muli, nag-iba ang pakikitungo niya sa 'kin. Dati-rati ay madalas kaming magkasama, lumabas, gumala, magkausap, at kung ano-ano pa. Sa lahat ng kaibigan ko ay siya ang pinakamadalas kong nakikita at nakakausap. Talaga kasing naglalaan siya ng oras para puntahan ako. Para lang ipaalala sa akin ang gamot ko.

Kanina nga ay hindi niya ako kinausap o binati man lang hanggang sa makarating kami rito. Hindi naman sa hinahanap ko ang gano'n niyang trato. Hindi ko lang maiwasang isipin na hindi pa rin talaga kaibigan ang tingin niya sa akin. Kahit kasi alam kong higit pa sa pagkakaibigan ang gusto niya, pilit kong ipinararamdam na hanggang doon lang ang kaya kong ibigay.

Muli siyang ngumiti sa 'kin bago gumaya sa posisyon ko, nakatunghay sa tubig. **"Bakit hindi ka sumama sa mga kaibigan mo? Nag-iisa ka na naman dito."**

"Wala lang," ngumiti ako.

"Nagbaon ka ba ng mga gamot mo?"

"Yeah, thanks."

"Good."

Sandaling katahimikan ang nangibabaw sa 'min. Pareho naming pinanood ang pag-ampyas ng tubig sa kung saan-saan dahil sa takbo ng yate.

"Ngayong nandiyan na si Maxpein, sa tingin mo, makakalapit pa rin ako nang ganito sa 'yo?"

Hindi ko inaasahan ang tanong ni Kimeniah. Nagugulat akong lumingon sa kaniya. Hindi siya nakatingin sa akin ngunit mababasa ang lungkot sa

kaniyang mga mata.

"Why not? We're friends, Kim," sagot ko. **"Besides, hindi siya ang magdedesisyon kung sino ang pwede at hindi pwedeng lumapit sa 'kin."**

Mapait siyang ngumiti saka nagbaba ng tingin sa mga kamay. **"When it comes to Maxpein, feeling ko wala ako kahit na anong karapatan. Kaya maski sa paglapit lang ay kailangan ko pang magpaalam."**

"No," nakokonsensya kong sagot. **"'Wag kang mag-isip ng ganiyan. Saka..."** Bigla ay hindi ko maisatinig ang laman ng isip ko.

"What?" naghihintay niyang tugon.

Napapabuntong-hininga akong nag-iwas ng tingin. **"Hindi na kami tulad ng dati."**

Matagal bago siya nakasagot. **"Bakit nga ba hindi na?"**

Nagulat ako sa tanong niya at sandaling natigilan. **"Hindi ko alam kung kaya ko pa."** Tinanaw ko ang mga ibon na mapayapang lumilipad. **"Natatakot na ako sa kaniya."**

Tumahimik na si Kimeniah at hindi na nagsalita. Nang piliin ko na ring manahimik ay sabay na lang naming pinanood ang tubig, at naghintay na makarating.

"Masaya ako na nandito tayong lahat ngayon. Lalo na para kina Maxpein at Deib Lohr." Umalingawngaw ang mahinang boses ni Lee mayamaya. Eksakto namang kaaalis lang ni Kim nang tawagin ni Keziah.

"Naku, excited na ako!" nangibabaw ang malakas na tinig ni Parrot, hindi nalalaman na nandoon ako sa deck. **"Feeling ko may surprise siya kay Deib!"**

Natigilan ako at tinanaw ang papalapit nang isla. *May sorpresa siya? Tch.* Bagaman ganoona ng naisip ko ay hindi ko maipaliwanag kung ano iyong tila biglang sumibol sa dibdib ko.

"That's nice," tinig ni Lee. **"Do you know anything about it?"**

"Psh. Syempre, wala! Sa sobrang yabang no'n, lahat ay sinasarili niya. Gustong-gusto niya kasi 'yong lahat ay mai-impress, lahat masa-shock, gano'n."

Natawa si Lee. **"Kakaiba talaga ang kaibigan mong 'yon. Wala siyang pakialam kung siya ang gumawa no'n para sa lalaki."**

"Why not? Hello? kung masaya sa feeling ninyong pakiligin kami, gano'n din kami, 'no!" mataray na ani Parrot ngunit paniguradong nakangiti. **"Psh. Kung ako ang tatanongin ay kailangan niya talagang**

gawin 'yon. Deib Lohr lost himself while loving her. At hindi niya nakita 'yon. Masiyado siyang nakontento na mahal na mahal siya ni Deib Lohr kaya akala niya ay ayos lang lahat."

"Hindi naman siguro ginusto ni Maxpein 'yong nangyari."

"I know. I just can't move on. Nasaktan din talaga ako para kay Deib Lohr. Dumating kasi ro'n sa punto na mahal na mahal niya si Maxpein, that eventhough he's hurting a lot, he keeps on holding on. He has all the right to let go of the pain, sweetie, but he choses not to. Because though it's painful, pain gives him a little happiness for knowing her, that she happened to him. And that's sad." Nadagdagan ang lungkot ko nang maramdaman ko ang lungkot ni Parrot. **"Nakakalungkot na tinitiis mo 'yong sakit kasi hindi mo mabitiwan 'yong katotohanang sa kaniya ka lang masaya."**

"Come on, sweetie. Isipin mo rin si Maxpein. Sa tingin mo ba ay hindi siya nahirapan? I'm sure she's also hurt, in pain, and something inside her's still aching."

"But she's also brave. She's courageous. She's fearless. She's Maxpein. Psh." Nagpapaintindi ang tinig ni Parrot.

"Hindi naman imortal si Max, sweetie. She's not numb."

"And that's not my point," handa nang makipagtalo si Parrot. **"Hindi ko sinabing hindi siya nasaktan, at mas lalong hindi ko sinabing manhid siya. Ang punto ko ay mas matapang siya kompara kay Deib Lohr. Psh. Kinaya niya ngang tanggapin 'yong kamatayan na parusa niya, eh. Gano'n kalakas ang loob niya. Look, Deib Lohr is weak. And weak people accept what they have to accept. Maxpein can be strong whenever she's weak, and be brave whenever she's scared. Eh, 'yong isa? Halos mabaliw na. Pambu-bully lang ang alam no'n."**

"Don't say that. Hindi natin nakita ang pinagdaanan ni Maxpein," seryosong ani Lee.

"Hindi ko naman kinukwestyon 'yong naramdaman ni Maxpein, 'no! Alam ko namang nasaktan din siya! Hindi mo kasi ako maintindihan kaya iniisip mong hindi ko naiintindihan 'yong pinagdaanan niya! Ang sinasabi ko lang ay may lakas siyang harapin lahat 'yon! Meron siyang lakas na huhugutin at makatutulong sa kaniya sa mga gano'ng sitwasyon! At si Deib Lohr ay wala! Dahil nga mahina siya pagdating sa Taguro niya!"

"Stop yelling. And stop saying that he's weak, because he's not. Okay, sweetie?" naiinis na ani Lee. **"My best friend is also brave. He was strong enough to handle the pain. He stood alone and waited for her. Just because he was a cry-baby doesn't mean he's weak. He faced his greatest weakness, and that's being so far away from the love of his life. That's braveness for me."**

"Oh, eh, ano na ngayon ang gusto mong pagtalunan natin?"

"Let's be fair."

"I am fair!"

"Masiyado mo kasing binabale-wala 'yong naramdaman ni Maxpein."

"Hindi ko binabale-wala! Mas naa-appreciate ko lang 'yong pinagdaanan ni Deib Lohr!"

"Kasi nga siya lang ang nakita mong nahirapan. Si Maxpein ay hindi mo nakitang mahirapan."

"Ah, so kasalanan ko na ngayon? Kailangang nagpa-Korea rin ako para masaksihan 'yong sakit na pinagdaanan niya? At para maging patas ang usapan na 'to, gano'n ba?!"

"'Wag kang sumigaw, sweetie."

"Nakakainis ka, eh! Kahit kailan ay kamping-kampi ka diyan sa kaibigan ko! Kaya umaabuso 'yon, eh!"

"Sshh, okay, let's not bring back their past. Ang mahalaga ay nandito na silang pareho."

"Intrimitido ka kasi masyado, eh, alam mo namang iritable ako ngayon dahil may mens ako!"

"Okay, I'm sorry, sweetie."

"Ewan ko sa 'yo! Lumayas ka nga diyan!"

"Sweetie?"

"Maghugas ka na lang ng kamay mo!"

"Sweetie naman?"

"Hindi ka lalayas diyan, Lee Roi? Gusto mong malamon ng pating?"

"Walang pating dito."

"Meron! Ako!"

"Sweetie!"

"Alis! Alis sabi!"

"Okay! I love you!" pahabol na sabi ni Lee, paniguradong tumatakbo.

Natatawa akong umiling na lang. Naiintindihan ko ang punto nilang pareho. At para sa akin ay pareho silang tama, pero pareho ring may mali. Hindi na kailangang pagtalunan pa 'yon. Dahil pareho lang naman kaming nasaktan. At wala na ring mangyayari dahil nakaraan na ang lahat.

Tinanaw ko ang hotel ng mga Moon. May kung anong haplos sa dibdib akong naramdaman nang makita ko kung gaano karaming tao ang naghihintay na salubungin kami. Ang mapanglaw na ilaw na nagmumula sa mga puno at sa hotel ay pinagaganda ang tanawin.

At bago pa man tuluyang lamunin ng dilim ang kakaunting liwanag ay nakarating na kami.

Nag-unahan ang mga kaibigan ko sa pagbaba. Habang ako ay nagpahuli kasabay sina Dirk at ilan pang tauhan.

"Talaga namang napakasaya ko ngayong nandito kayo, *bagay*," sabi pa ni Mang Pitong matapos lumapit sa 'kin.

"Masaya rin ako, Mang Pitong," nakangiting sabi ko.

"Siya't pumasok na tayo. Paniguradong gusto ka nang makita ng nobya mo."

Natigilan ako at napalingon sa kaniya. Pero hindi ko alam kung ano ang dapat isagot do'n kaya pinili ko na lang na manahimik.

Napakaraming tao sa dalampasigan. Ang mga kamag-anak ni Mang Pitong ay naro'n para salubingin kami. Kasama nila ang hilera ng mga empleyado na nagtatrabaho para sa hotel. At gano'n na rin ang ilang mga naghahanap-buhay sa publikong parte ng isla. Ang ilang estranghero at banyaga ay huminto pa para makiusyoso sa pagdating namin.

Hinintay akong makalapit nina Tob, Lee at Parrot saka kami sabay-sabay na naglakad papalapit sa hotel.

"Deib, dito ka sa tabi ko!" hinila ako ni Parrot.

"Why?" kunot-noong tanong ko.

"Mahirap na, baka atakihin ka, hehehe."

"Saan?"

"Sa puso! Duh?"

"Tch. Ano ba'ng sinasabi mo?"

"Baka kasi may inihandang sorpresa sa 'yo si Maxpein, at magulat ka. Bawal 'yon sa 'yo."

"Ayos lang ako. Hindi naman siguro bomba ang inihanda niya, 'di ba?"

"Kahit pa! Baka masiyado kang matuwa, mahirap na. Halika dito!" talagang hindi niya hiniwalayan ang braso ko.

Nanahimik na lang ako at nagpatianod sa kaniya. Hindi ko malaman kung bakit bigla ay may kung anong nabuhay sa dibdib ko. May parteng umaasa, may parteng natatakot madismaya.

Nang makapasok ay mabilis naming iginala ang paningin. Wala namang ipinagbago ang hotel, marami pa ring tao. At ang karamihan sa mga tauhan ay kinakawayan kaming dumeretso sa restawran.

"Naku, baka nando'n ang surprise sa 'yo!" ani Parrot na hinila naman ako patakbo sa resto.

"'Wag ka ngang malikot?" angil ko.

"Nae-excite ako para sa 'yo! This is your night!"

"Tch!"

Huminto kami sa mismong pinto at muling iginala ang paningin. Nakakasorpresa ngang talaga dahil parang lahat ng mesa ay nakahanda. Pero bukod sa mga espesyal na pagkaing nakahain sa lahat ng kanto at gilid ng lugar ay wala na akong makitang kakaiba.

Nasaan ang surprise?

Bagaman inis ang ipinapakita ko kay Parrot ay may parte sa kalooban kong totoong umaasa. At gaya niya ay nasasabik din akong malaman at makita kung ano man 'yon. Syempre, ayaw kong ipakita iyon sa kanila.

"Miss," nakangising tinawag ni Parrot ang nakapormal at may walkie-talkie na babae sa entrada ng resto. **"May surprise, 'di ba?"** may kayabangang tanong niya. Tila ba ipinagmamalaki niya rito na may nalalaman siya.

Natatawang ngumisi ang babae. **"Anong surprise?"**

"'Sus!" humalakhak si Parrot. **"Alam ko na 'yan! Si Maxpein pa, hahaha! Hindi siya humingi ng tulong sa 'kin kaya hindi siya magtatagumpay! Wala pa namang taste 'yon, hahaha!"**

Luminga-linga si Parrot at bahagyang tumuloy, hila pa rin ako. Nagsunuran ang mga kaibigan ko na hindi rin lisanan ng pananabik sa mga mata. Para kaming mga bata na sabik na sabik makita ang birthday celebrant.

Pilit kong hinihila mula sa kaniya ang braso ko pero pilit niya rin 'yong inaagaw. Para siyang timang sa kayuyuko na animong may sinisilip at tinataguan. Panay rin ang linga niya sa kung saan.

Nang mapagod ay masama ang mukhang tumabi siya mesa. **"Nasa'n si Maxpein?"** tila napapahiyang baling ni Parrot sa tagasilbi.

"Nandito ako," nangibabaw bigla ang tinig ni Maxpein mula sa likuran. At bago pa man ako makalingon ay naunahan na ako ni Parrot.

Natigilan ako nang makitang nasa akin agad ang paningin ni Maxpein. Nagbaba ako ng tingin dahilan para humanga ako sa kapani-panibago na naman niyang suot.

Loose chiffon dress iyon na kulay puti, walang manggas at sobrang ikli. Masiyadong malalim ang collar, halos umabot sa pusod, dahilan para hindi maprotektahan ang parteng 'yon ng katawan niya. May kanipisan pa kaya naman kaya makikita ang panloob niyang suot. At mukhang bale-wala sa kaniya 'yon.

Tuloy ay kapansin-pansin ang suot niyang kwintas na may disenyong anchor na tila pinupuluputan ng asul na "S". Akma sa paa niyang mamula-mula ang puti rin na ankle wrap flats. Ang mga kamay niya ay tadtad ng beach bracelets na pawang mga itim, puti, at tsokolate ang kulay.

Bumagay sa kaniya ang light makeup at buhaghag at mamasa-masang buhok. Tuloy ay hindi ko namalayan ang sarili kong napapalunok habang nakatingin sa kaniya.

Bumalik ako sa katinuan nang marahas na bitiwan ni Parrot. **"Ano na?"** dinig kong bulong niya, naiilang na nag-angat ng tingin sa 'kin. Saka niya hinila si Maxpein sa di kalayuan at doon kinompronta. **"Nasa'n na 'yong surprise?"**

"Ha?"

"'Yong surprise mo, nasa'n na?"

"Anong surprise?" inosenteng tanong ni Maxpein.

Nanlumo si Parrot. **"Hindi ba't sinabi ko sa 'yong sorpresahin mo si Deib Lohr?"** pahina nang pahinang tanong niya, ngunit sadyang hindi siya marunong bumulong nang tama.

"'Eto na nga 'yon."

"Nasa'n?"

"'Eto..." itinuro ni Maxpein ang mga nakahain na pagkain saka buong galak na ngumiti sa kaibigan.

Nanlulumong iginala ni Parrot ang paningin sa kabuuan ng resto. Sumama ang mukha niya saka tumingala sa kaibigan. **"Sinayang mo 'yong excitement ko, alam mo ba 'yon?"**

"Bakit ba?"

"Buong akala ko ay may mga pasabog ka! Nasa'n na 'yong grand entrance?"

"Paanong grand entrance ba? Nakaeroplano ka na nga."

"Psh! Kung makahila pa naman ako kay Sensui, akala ko may mga clown kang nirentahan para mapasaya siya! Wala ka talaga, Maxpein!"

Napapahiya at nagugulat na tumingin sa 'kin si Maxpein, kaswal ko lang siyang nilingon. Nanlulumo siyang bumaling muli sa kaibigan at bumulong, **"Ang sabi mo ay paghandaan ko ang pagdating niya kaya nagpaluto ako nang marami."**

"Oo nga! Sinabi ko ngang paghandaan mo ang pagdating niya, pero hindi ko sinabing handaan ang gusto kong abutan! Naku, naman talaga, Maxpein del Valle!" nanggigigil na singhal ni Parrot. Nanlumo si Maxpein, gusto kong matawa. **"Kung makaalis ka nang maaga, at makapagpuyat, akala ko ay todo effort ka! Ipinag-empake pa naman kita! Tapos...ugh!"**

"'Wag ka namang maingay."

"Ipinapahiya mo 'ko, eh!"

"Sinabi mo ba sa kaniyang may sorpresa ako?"

"Hello? Nag-expect ako! At nakakahawa ang expectations ko, dahil hindi napipigilan sa pagbibiro 'tong bibig ko! Ang inaasahan ko ay may bongga akong makikita, kaso wala pala!"

Tumawa si Taguro, nag-iwas ako ng tingin. **"Eh, di 'ayan, nasorpresa ka, hehehe."**

"Wow, ah? Nakuha mo pang mag-joke?"

Natigil sila sa pagtatalo nang mag-angat ng tingin sa likuran namin si Maxpein. Nalingunan namin ang mga Moon, sa likuran nila ay ang iba naming kasama. Hindi ko inaasahang gano'n pala talaga kami karami.

"Deib Lohr," nakangiting lumapit sa 'kin si More. At hindi pa man ako nakasasagot ay nagulat na ako nang bigla niya akong akapin. **"I'm happy to see you again."** Muli niya akong niyakap matapos sabihin 'yon.

Nang muli akong sumubok na magsalita ay muli rin akong nabigo nang si Mokz naman ang lumapit upang bumati at yumakap sa 'kin. Hindi na ako sumubok pang magsalita dahil si Maze ay gano'n din ang ginawa. Nanabik niya akong nilapitan, binati at mahigpit na niyakap.

"You've never left my mind since that day, Deib Lohr. It's good to see you again, son," bulong pa niya saka hinaplos ang buhok ko.

Natigilan ako bigla. Noon ko lang ulit sila nakita, at hindi ko inaasahan ang sinabi ni Maze. Pakiramdam ko ay hindi lang sa 'kin sariwa ang huling paghaharap namin, maging sa kanila.

Napapalunok akong tumango sa kaniya, sa kanila. Hindi ko malaman ang sasabihin. Lalo pa at ang mga nanunuksong tingin nga mga kaibigan ko ay nakatutok sa akin.

Napapabuntong-hininga akong nag-angat ng tingin at eksakto naman iyong tumama kay Maxwell. Ang walang reaksyon niyang mukha ay unti-unting sumama. Nangunot ang noo ko, inisip niya yatang umaasa akong makatatanggap ng yakap mula sa kaniya.

Nag-iwas ako ng tingin at eksakto naman iyong tumama kay Maxrill. Na noon ay magkakrus ang braso at kung saan-saang pagkain na nakatingin. Nang bigla niya akong lingunin ay mabilis na sumama ang kaniyang mukha. Saka siya suminghal nang "what" nang walang tinig, animong naghahamon.

"Maxpein, bakit hindi mo pa imbitahang kumain ang mga kaibigan mo? Mahaba ang kanilang ibinyahe," suhestiyon ni Maze. Wala siyang ipinagbago at sa halip ay lalong nagmukhang bata.

"Bakit ako?" hindi inaasahan ang sagot ni Maxpein.

Tumaas ang kilay ni Maze. **"Bisita natin sila, Maxpein."**

"Yeah, I know, pero kaya nga may taga-silbi tayo," mahinang sagot niya, iniiwasang makainsulto. **"Si Deib Lohr lang ang aasikasuhin ko,"** maangas na dagdag niya, napalingon ako. **"Si Naih na ang bahala sa kanilang lahat."** Umugong ang nanunuksong ungol ng mga kaibigan namin. **"This way, Deib Lohr,"** pinagkadiinan niya ang pangalan ko.

"Tch."

Pinigilan kong matawa dahil hindi bagay sa kaniya ang maging tagapag-silbi. Lalo na sa suot niya. Mula sa iilang pulgadang layo namin sa isa't isa ay nalalanghap ko ang kapani-panibago niyang amoy. Nakakagulat lang na amoy babae siya ngayon.

"Kumusta ang byahe? Napagod ka ba?" tanong niya habang marahan at mabagal ang paglalakad.

"Ayos lang, nasanay akong bumibiyahe," kaswal kong sagot, panay ang lingon sa lugar.

"Dito tayo, para romantic," nakangisi pang aniya. Napangiwi na lang ako.

Mukhang pinaghandaan niya nga ang sandaling iyon. Dahil ang mesa namin ay naiiba sa iba pang naro'n. Pero talaga yatang hindi siya tinubuan kailanman ng sweetness sa katawan. Dahil bukod sa dalawang pulang kandila at bungkos ng pulang carnation ay wala na akong makitang kakaiba. Marahil ay espesyal nga ang mesang iyon dahil ang lahat ng naro'n ay gawa sa bakal habang ang isang 'to sa harap ko ay gawa sa kahoy. Ang tanging disenyo kasi sa ibang mesa ay iba't ibang kulay ng bulaklak. Sa kandila lang talaga kami lumamang.

Bigla ay sumenyas siya at gano'n na lang ang pag-ilag ko nang may lumapit na dalawang musikero. Ang isa ay naggigitara at umiindak. Habang ang isa ay kumakanta sa salitang hindi ko naman naiintindihan.

Tuwang-tuwang tumingin sa 'kin si Maxpein na para bang nakakamatay sa galak ang sorpresang 'yon. Pumalakpak siyang sumabay sa pag-indak. Ang bibig niya ay nakikikanta pero mali-mali naman ang salitang binibigkas. Maangas ang dating, nagmamalaki. Mayabang na nga, nagyayabang pa.

Nang mapansin niyang walang nagbago sa reaksyon ko ay dahan-dahan siyang huminto at ngumuso.

Nakamot ko ang noo saka ako lumigid sa tabi niya. **"Sit down,"** utos ko na ikinabigla niya.

"Thanks," halos mautal pang bulong niya saka sumunod.

Deretso ko siyang tiningnan na agad niya namang nilabanan. Nang wala siyang mabasang emosyon sa mukha ko ay saka siya unti-unting ngumuso at nagbaba ng tingin.

"Hindi ka na-surprise?" mayamaya ay tanong niya.

"Saan?" kaswal kong tanong.

Napabuntong-hininga siya saka nanlulumong tumingin sa 'kin, nagmamaktol. **"Bihira ko kayang gawin 'to,"** masama ang loob niyang sabi.

"Ang alin ba?"

Pinandilatan niya ako. **"'Eto..."**

Iginala ko ang paningin bago siya muling nilingon. **"Salamat."**

Napatitig siya sa 'kin saka ngumiwi. **"Para ka namang napipilitan,"** pabulong niyang ani.

Hindi na ako nagsalita pa. Hindi ko na rin naman alam kung ano ang isasagot sa kaniya. Sa halip ay pinanood ko na lang ang waitress na ilapag

ang iba't ibang putahe sa mesa. Mukhang espesyal nga ang mga iyon dahil sa unang tingin pa lang ay mukhang masarap na.

Sinimulan kong kumain, ninanamnam ang bawat dish na nakahain. Hindi ako nabigo, mukhang mapaparami ang kain ko bagaman hindi maganda sa 'kin 'yon.

Hiniwa ko ang sugpo at sumubo. Nanuot agad 'yon sa panlasa ko kaya naman muli akong humiwa at sumubo. Isang beses ko pa iyong ginawa bago ako sumandok ng fried rice.

Susubo na sana ako nang matinag ako sa malakas na pagtikhim ni Maxpein. Nang mag-angat ako ng tingin sa kaniya ay nakatutok siya sa akin. Tila hinihintay na may masabi ako sa mga inihanda niya.

Tch. Ikaw ba nagluto at naghihintay ka ng papuri? **"What?"** kaswal kong tanong.

"What can you say?" may himig ng pagmamalaki sa tinig niya.

"Tasty. Everything's delicious."

Gumuhit ang mapagmalaking ngiti sa kaniyang labi. **"Tss."**

Natigilan ako at napatitig sa kaniya. **"Ikaw ang nagluto?"**

Buong yabang siyang tumango. **"Chef Maxpein,"** inilapat niya ang palad sa dibdib, sa gano'ng paraan nagpakumbaba bagaman naghuhumiyaw ang kayabangan sa katawan.

"Niluto mo 'to?"

"Yes."

Hindi ko naiwasang humanga. **"Lahat nang 'to?"**

"Lahat ng fried rice," inginuso niya 'yon.

Bigla akong nanlumo. *Iyon lang?* Nawala ang ngiti sa labi ko. *Chef Maxpein, tch.* **"Akala ko naman ay itong mga ulam."**

Ipinatong niya ang parehong siko sa mesa at tumunghay sa 'kin. **"Gusto mo bang simulan ko nang mag-aral ng pagluluto?"** nakangisi niyang tanong, ang lakas ng loob.

"Kailangan mo 'yon para mabuhay."

"Tayong dalawa?" nakangisi niya pa ring sagot. Hindi na ako kumibo. **"Matutunan ko rin 'yan."** Pinagkrus niya ang mga braso at sumandal.

"Bakit hindi ka kumain?"

"Gusto kitang panoorin."

Tumaas ang kilay ko at inilapag ang mga kubyertos. **"Sana ay isinabay mo na lang ako sa mga kaibigan mo kung panonoorin mo lang pala ako."**

Nagkumahog siyang sumandok. **"Nakakatakot ka namang mang-alok,"** pabiro niyang bulong.

"Tch." Pinanood ko na muna siyang kumain bago ako nagpatuloy.

Maya't maya ang papuri niya sa fried rice kahit mas marami pang ulam ang nakakain niya. At para lang may mapag-usapan ay idinetalye niya ang bawat sangkap ng fried rice na 'yon. Nalaman ko tuloy na maski ang paghiwa ng hotdog, pagprito ng itlog, paggisa ng maliliit na hipon na may kahalong green peas at corn sa butter, hanggang sa pagsasaing ng kanin, ay hindi siya ang gumawa.

"Sa madaling salita ay ikaw lang ang naghalo?" sarkastiko kong tugon. Natigilan siya at napamaang. **"Chef Maxpein, huh?"** nakangisi kong asik.

Nawala ang sigla sa mukha niya at malamyang nagpatuloy sa pagkain. Mayamaya lang ay 'ayun na naman siya at mukhang nalulunod sa pag-iisip ng panibagong mapag-uusapan. Sinasadya ko namang manahimik para mas mahirapan siya. At kahit pa ganoon kasama 'yon ay natutuwa ako.

"Bukas ng umaga, lumangoy tayo," nakangiting aniya matapos ang mahabang katahimikan. Bakas ang excitement sa mukha. **"Maganda ang panahon bukas, katamtaman lang ang init."**

Tinapos ko ang pagnguya saka ako sumimsim ng wine. **"Trebaho ang ipinunta ko dito."**

Sumimangot siya, iyong talagang kahabag-habag sa lungkot. **"Hindi ka naman buong araw magtatrabaho."**

"Hindi nga," ngumiti ako. **"'Yong ibang oras kasi ay nakalaan para sa pahinga, pagkain at pagtulog ko."**

"Hindi naman tatagal ng apat na oras ang paglangoy," seryoso niyang sinabi, bahagyang nakakunot ang noo at panay ang buntong-hininga.

"Sige, titingnan ko, kung maaga kaming matatapos ng kuya mo."

Nagliwanag agad ang mukha niya, nabuhayan. **"Anong oras mo gusto? Sa umaga, sa tanghali, o sa hapon?"**

"Ang sabi ko nga ay titingnan ko kung maaga kaming matatapos ni Maxwell."

"Eh, di pagkauwi pa 'yon?"

"Gano'n na nga."

"Matagal pa," kunot-noong aniya niya, dismayado. **"Saka pagod ka na no'n panigurado."**

Sa hitsura niya ay para siyang bata na atat makipaglaro. *Hindi bagay. Tch.* Napabuntong-hininga na lang ako. **"Siguro bago na lang ako bumalik sa Manila."** Nginitian ko siya.

"Taga-Laguna ka."

"Doon nga."

Balatay ang panghihinayang sa mukha niya pero napilitang ngumiti. **"Sige."** Inilapit niya ang ilang plato sa akin. **"Kumain ka pa."**

"Salamat."

Gusto kong magtaka. Gusto kong manibago bigla. Malayo kasi sa mga naunang pagkakataon ang pakikitungo niya sa 'kin ngayon. Para bang kalmado na siya ngayon. Hindi na siya naiilang, hindi na natatakot, hindi na nahihiya. Naipapakita niya na ulit sa 'kin ang tunay niyang sarili. Ang pilit na kulit, pag-iisip-bata, natural na angas at maikli niyang pasensya. At nasisiguro kong ang dahilan niyon ay ang nangyari kagabi.

Kumunot ang noo ko at tiim-bagang na napatitig sa hawak kong wine glass. Napapabuntong-hininga akong nagpatuloy sa pagkain. Ayaw ko nang mag-isip.

"Are you ready for tomorrow?" bigla ay nangibabaw ang tinig ni Maxwell.

Napatingala ako sa tabi at 'ayun nga siya. Itinaas niya ang parehong manggas ng suot na sweatshirt. Kapansin-pansin ang "WALKING GOD" na nakasulat doon.

"Yeah," tumayo ako at nakipagtapikan ng balikat sa kaniya.

"Good," excited si Maxwell nang maupo. **"I can't wait to show you my property."**

"I have seen it, honestly," napapatangong sabi ko.

Tumaas ang pareho niyang kilay. **"Of course you've seen it, you're the best engineer."** Hindi ko malaman kung sarkastiko siya o sadyang hindi marunong magbiro. **"Anyway, I didn't know you could paint,"** namamangha niyang sabi, sinulyapan niya ang kapatid saka muling tumingin sa 'kin. **"I've seen your works, you're a pro."**

"I actually had no idea I could paint, and I don't consider myself an expert. But thank you," pakiramdam ko ay nanaba bigla ang puso ko.

"Si Maxpein, hindi mo nai-paint?" Hindi ko inaasahan ang tanong niya. Tuloy ay hindi ko nagawang sumagot agad. **"Balak ko sanang bilhin, baka wala kasing umangkin."**

Ngingisi-ngisi niyang sinulyapan ang kapatid na noon ay lumalabas na naman ang natural na angas. Halos mag-espadahan ang masama nitong tingin at nakakalokong titig ni Maxwell. Parang sa isip sinisigawan ni Maxpein ang nakatatandang kapatid.

"Hindi, eh," napapangiti kong sagot.

"Baka malugi ka, 'no?" pang-aasar uli ni Maxwell.

"Tss." Matindi ang pagpipigil ni Maxpein.

"'Yong mga ayaw kong makalimutang alaala lang ang ipininta ko," mahina kong sagot.

"Oh," lang ang tugon ni Maxwell, hindi inaasahan ang aking sinabi.

Si Maxpein naman ay natigilan at unti-unti ay tila napapahiyang nagbaba ng tingin. Napabuntong-hininga na lang ako at nakangiting itinabi ang malinis ko nang plato.

"Panigurado namang hindi ko malilimutan ang anumang alaala ni Maxpein, bakit ko pa ipipinta?" dagdag ko, hindi nila inaasahan. Ang mga nagugulat nilang mata ay hindi ko nagawang salubungin. **"Masyadong perpekto ang ngiti niya para maipinta ng kamay kong hindi naman bihasa."**

Pasimple kong sinulyapan si Maxpein. At gano'n na lang ang pagpipigil kong matawa o mangiti man lang dahil sa kaniyang pamumula.

Natinag lang ako nang bahagyang humalakhak si Maxwell. **"Spicy, huh?"** tudyo ni Maxwell sa kapatid.

"Tss. Anong spicy? Baka cheesy?" pasinghal namang tugon ni Maxpein.

"Cheesy lines are for kids, Maxpein. You don't understand."

"Wow, coming from someone na wala namang love life."

Sinamaan siya ng tingin ni Maxwell at napapabuntong-hiningang tumayo. **"I'll see you tomorrow,"** paalam nito saka umalis.

"Ubos na ang fried rice?" nagugulat na tanong ni Maxpein dahilan para mapabaling ako sa kaniya. Hindi ako sumagot. Pinagmasdan ko ang mukha niyang puno ng pagtataka. **"Kaunti lang ang nakain ko, ah? Inubos mo?"**

Tumango ako. **"Ano ba ang kataka-taka ro'n?"**

"Wala," pabulong niyang tugon, hindi panawan ng gulat.

"Minsan mo lang ako ipagluto," sagot ko matapos ang mahabang sandali. **"Bakit hindi ko pa uubusin?"** malamya kong dugtong. Siya naman ang hindi nakasagot.

Ipinatong ko ang siko sa mesa at nakapangalumbabang tumitig sa kaniya nang deretso. Kumibot-kibot ang labi niya na tila ba may sinasabing siya lang ang nakakaintindi. Parang bata, hindi bagay, nawawala ang natural niyang angas, hindi ako sanay.

"Gusto mong lumangoy?" tanong niya.

Malamya akong umiling. **"Ano ba ang meron sa dagat at panay ang anyaya mo? Malamig."**

"Malamang, nasa beach tayo, ano ang aasahan mong pwedeng gawin dito?"

Ngumisi ako. **"Sinabi ko na sa iyo na trabaho ang ipinunta ko rito, Maxpein."**

Bumuntong-hininga siya. **"Nabo-boring ka na bang kausap ako?"**

"Hindi naman."

"Matamlay ang mata mo."

"Dahil inaantok na ako."

"Gano'n ba?" napapahiya niyang tugon, hindi malaman ang gagawin. **"Gusto mo bang ihatid na kita sa kwarto mo?"** inosente niyang tanong.

Awtomatikong gumuhit ang nakakalokong ngisi sa labi ko. **"Sa kwarto ko?"** mariing sabi ko.

Natigilan siya at napatitig sa akin. Bahagya siyang tumikhim saka kunot-noong nag-iwas ng tingin. **"Sa tutuluyan mo,"** pilit niyang klinaro ang pananalita. **"Espesyal ang tutuluyan mo, si Maxwell ang pumili."**

"Saan ang kwarto mo?" bahagya pa akong tumunghay sa kaniya.

"Ha? Bakit?" halos mautal niyang tugon. Nagkibit-balikat lang ako. **"Malayo sa kwarto mo."** Tinaasan niya ako ng kilay. **"May pinaplano ka, 'no?"**

Natigilan ako saka napahalakhak. **"Asa."** Sumandal ako at pinagkrus ang mga braso. **"Besides, hindi ako ang pumapasok sa kwarto nang may kwarto. Nang gabing-gabi at..."**

Nanlaki ang mga mata niya. **"A-Ano?"**

"I'll keep it to myself." Tumayo ako at nakapamulsang tumunghay sa kaniya. **"Pwede mo na 'kong ihatid sa kwarto."**

"Matutulog ka na?" aligaga siyang tumayo.

"Depende sa 'yo."

Matagal siyang tumitig sa akin nang may masamang tingin. Sa hitsura niya ay nasisiguro kong kung ano-anong kayabangan na ang sinasabi niya

sa isip. Hindi niya maisatinig dahil hindi na siya sigurado kung uubra pa ang mga 'yon sa 'kin.

Gumilid siya sa 'kin saka naunang lumapit sa mesa ng mga kasama namin. Magkakasunod na nagsipag-angatan ng tingin ang mga ito sa 'min. Ang mga nanunukso nilang tingin ang muling nakapagpapula sa mukha ni Maxpein.

"Ihahatid ko lang si Deib Lohr sa kwarto niya," paalam ni Maxpein. **"Si Maxwell na lang ang bahalang magturo ng kwarto ninyo."**

"Eh, bakit kaya hindi ikaw ang magturo sa 'min?" mataray kunyari na tugon ni Parrot, nanunukso.

Napangisi ako at pasimpleng lumapit sa pandinig niya. **"Sabihin mo, baka hindi ka na makabalik,"** bulong ko kay Maxpein.

Napailag siya at hindi inaasahan kung gaano kaming kalapit sa isa't isa. Nagsipag-ungulan ng panunukso ang mga kaibigan naming lalaki na ginatungan naman ng mga babae. Ang naiilang at namumula na mukha ni Maxpein ay nagbibigay ng kung anong ningning sa mga mata ko. Kaysarap niyang titigan.

Ako rin ang unang nagbawi ng tingin upang bumaling sa mga kaibigan namin. **"Hindi ako nakatulog kagabi kaya inaantok na ako ngayon."**

"Bakit naman hindi ka nakatulog?" nanunudyo ang tinig ni Tob.

"Anong pumuyat sa 'yo?" panggagatong ni Lee.

"May magandang babae na bumisita sa 'yo kagabi," nakangising ani Randall. **"I heard."**

"'Yon nga," nakangisi ko ring sagot sabay hawak sa baywang ni Maxpein. Halos mapatalon siya sa gulat nang bahagya ko siyang pisilin doon. **"Simula kagabi hanggang kanina ay gising na gising ako. Ngayon lang ako nakaramdam ng antok kaya pasensya na kung mauuna na 'kong magpahinga,"** noon lang ako sumeryoso.

"Alas dose ay nakauwi na ang kapatid ko," sabad ni Maxwell, nang-aasar. **"May iba pa bang babaeng bumisita sa 'yo at inabot ka ng umaga?"** nagpanggap siyang inosente.

Naramdaman ko ang paglingon ni Maxpein. Umiwas siya nang lingunin ko rin siya. Pero ang kamay kong nasa baywang pa rin niya ang siyang pumipigil sa tuluyang pag-atras niya. At nang sumubok siyang magpumilit ay lalo ko siyang hinapit papalapit.

"Oh, 'eto ang keycard, hanapin mong mag-isa ang kwarto mo," pigil ang gigil na bulong ni Maxpein.

Umarko ang sutil kong labi. **"Wala na,"** sagot ko kay Maxwell sabay lingon kay Maxpein. Napangisi ako sa pagkakasimangot niya. **"Mauuna na 'ko,"** muli kong paalam sabay kaway sa kanila. **"Let's go."**

Hindi ko na siya binigyan pa ng pagkakataong magpaalam. Sapat na ang mga sinabi at ipinakita ko upang huwag hindi na nila kami pigilan. Syempre pa, naagaw namin ang atensyon ng lahat. Sa gano'ng postura kasi kami naglakad papalabas ng restarwan. Ang mga mata ng mga magulang naming pareho ni Maxpein ay parang mga bituin, kumikinang at nagniningning kahit madilim. Hindi ko malaman kung ang paghiyaw ni mommy ay magkahalong saya at iyak, umaatungal kasi siya sa tuwa.

"Lasing ka ba?" tanong niya nang tuluyan kaming makapasok sa elevator. Pilit pa ring kumakawala.

"Sa wine?" inosente kong tugon. **"No. Why?"**

"Para kang nalasing bigla."

"Siguro."

"Saan?" inis niyang tanong.

"Sa amoy mo siguro," nakangisi kong tugon.

"Pa-hard to get ka, alam mo ba 'yon?" nagsimula siyang magtaray. **"Talagang ang gusto mo yata ay ako pa ang lumapit sa 'yo."**

"I told you," malambing kong sinabi, nang-aasar. **"Ikaw ang lumayo, natural lang na ikaw ang lumapit. I chased after you but you pushed me away, Maxpein."**

Tumaas ang kilay niya. **"Ah, kaya ngayon ay nagpapahabol ka?"**

"Am I running away from you?" Hindi niya inaasahan nang bigla ay sunggaban ko siya. Napasandal siya nang iharang ko ang pareho kong braso sa magkabilang gilid niya. **"Do I have to come this close to make you understand?"**

Ang nakababaliw na amoy na 'yon ni Maxpein ay pinagwawala ang sistema ko. Hindi ko na magawang mag-isip nang akma at tama. Nang sandaling malanghap ko ang napakabango niyang amoy ay 'ayun na naman ang mga labi kong gusto siyang halikan kahit saan.

Sa sandaling pagkakadaop ng palad ko sa kaniyang baywang ay kumapit na ro'n ang amoy niya. Ang bahagi ng isip kong pinanawan ng katinuan ay nagsasabing 'wag ko na 'yong hugasan. Nakakatawa.

"You're my favorite scent," bulong ko sa kaniyang tainga. At gusto kong matawa nang maramdaman ko sa aking labi ang pagtaas nang maliliit na balahibo niya. **"You surprised me with what you're wearing tonight. I**

find it sexy, and attractive..." pabulong at marahan kong sinabi, lalong nanindig ang kaniyang balahibo.

Hinawi ko ang buhok niya. At hindi inaasahang mapapangiti nang itabingi niya ang sariling mukha para bigyan ako ng daan. Nakatingin siya sa mga labi ko, namamanglaw ang mga mata at nanghihina sa paghihintay.

Hinapit niya ang damit ko nang sandaling dumapo ang labi ko sa ibaba ng kaniyang panga. At unti-unting lumalakas ang impit na ungol niya habang naglilikot ang aking dila.

Nang sumubok akong lumayo ay hinawakan niya ang balikat ko at lalo akong inilapit. Nang sumubok akong huminto ay isinabunot niya ang palad sa aking ulo at lalo akong idiniin. Napapangiti akong nagpatuloy, sobrang natutuwa.

"Please don't stop..." bulong niya. At kahit pa simple lang iyon para sa kaniya, sa akin ay kaakit-akit na.

Pinilit kong kumalas na siyang ikinapanlumo niya. Makikita ang magkahalong pananabik at panghihinayang sa kaniyang mga mata. Ngunit muli siyang nabuhayan nang haplusin ko ng aking daliri ang kaniyang mapulang labi.

"Kiss me..." pakiusap niya, nanunukso.

Umiling ako saka tumitig sa kaniyang mga mata. Nabasa ko naman ang magkahalong kaba, panghihinayang, pagkapahiya at pananabik doon. Napakasarap niya lalong titigan.

"How about a connection on a deeper level?" tanong ko, hindi niya inaasahan. **"I want something more intimate."**

Bahagyang nanlaki ang kaniyang mga mata at saka siya kumurap-kurap, napaisip. Nakita ko siyang lumunok ng ilang beses. Pero sa halip na hayaan siyang magdesisyon ay muli akong lumapit upang halikan ang buto sa ibabaw ng kaniyang dibdib. At halos mahubaran ko ang kaniyang balikat gamit ang labi.

Hindi ko maiwasang mapangiti. Sa t'wing mararamdaman niya ang aking dila sa kaniyang balat ay mas idinidiin niya ako. Halos isubsob ang buo kong mukha sa kaniyang leeg. Saka siya wala sa sariling mapapaungol.

"Do you like it?" tanong ko habang mas pinaglalaro pa ang aking dila.

Hinalikan ko siya sa panga saka tiningnan sa mukha. Kagat niya ang labi, nakapikit na tumango. Hindi ko napigilang mapangisi bago muling nagpatuloy.

Ngunit pareho kaming natigilan nang bigla ay mamatay ang ilaw sa elevator. Hindi ganoon kadilim, nakikita pa rin namin ang isa't isa at hindi na kailangang mangapa. At lalo pa kaming natigilan nang bumukas ang pinto at may dalawang bandido na agad nagtaka at nagulat sa hitsura namin.

"Please take the other side, we're full," pakiusap ko saka muling isinara ang elevator. **"Saang floor ba tayo?"** nilingon ko siya at gusto kong magulat dahil sa sama nang pagkakatitig niya sa 'kin.

Padabog na pinindot ni Maxpein ang P1 at magkakrus ang brasong sumandal. Hindi na siya nagsalita pa hanggang sa makarating kami sa kwartong sinasabi niya.

Noon ko lang nakita ang floor na 'yon, lalo na ang kwartong pagkalaki-laki, kasya na kaming pamilya. Nandoon na ang mga gamit ko, hindi ko na kailangang ipagtaka kung paanong napunta 'yon doon. Myembro ng pamilyang Moon ang kasama ko ngayon at sanay na akong kumikilos siya nang hindi inaasahan.

"Am I going to stay here alone?" tanong ko matapos ilibot ang paningin sa kabuuan ng kwarto.

Masama pa rin ang tingin niya sa 'kin nang malingunan ko siya. Magkakrus ang mga braso at tila nagpaplano nang kung anong masama sa isip habang nakatingin sa akin.

"Kung ayaw mong mag-isa ay pwede mong isama si Kimeniah," puno ng pait niyang sinabi.

Nabigla ako at ilang saglit pa bago tuluyang natawa. **"Bakit, dalawa ba ang kama?"**

"Eh, di magsama kayo sa isa."

Napahalakhak ako. **"At sa tingin mo ay iniisip kong papayag ka?"**

"Bakit hindi?" naglakad siya papalapit sa akin. **"Sanay naman ako na meron kang reserba."**

Nagtiim ang bagang ko sa sinabi niya. **"Anong reserba?"**

"Reserba, ekstra," mariin niyang sagot. **"'Yong pwede mong gamitin nang pansamantala habang wala 'yong isa."**

"Maxpein," pigil ang inis kong hinawakan ang braso niya. Hindi ko gustong nagsasalita siya nang ganito sa kahit na sino dahil sa nararamdaman niya. Lalo na at naging mabuting kaibigan si Kimeniah. **"Hanggang ngayon ba naman ay nagseselos ka sa kaniya? Magkaibigan lang kami ni Kimeniah. Magmula nang mahalin kita ay hindi na nagbago ang tingin kong 'yon sa kaniya."**

Natigilan siya at napatitig sa akin. **"Pinaglalaruan mo ba 'ko?"** sumeryoso siya bigla.

"Ano?" kunot-noo kong tanong.

Umiling siya na para bang litong-lito. **"'Yong mga sinasabi mo sa 'kin ay malayo sa mga ipinapakita mo, alam mo ba 'yon?"** pigil ang galit niyang sinabi, wala sa akin ang tingin. **"Hindi ko malaman kung ano ang paniniwalaan ko. Ang nakikita ko, ang mga ginagawa mo o ang mga sinasabi mo."**

Marahan ko siyang binitiwan at saka ako bahagyang lumayo. Naiintindihan ko siya at hindi ko malaman kung paanong tatanggapin mula sa kaniya ang napansin niya. Pero may kung ano sa akin na hindi niya maiintindihan sa ngayon. Bagay na hindi ko malaman kung paano kong ipaliliwanag.

"Sa tingin mo ba ay makukuha ko pang maglaro?" seryoso ko ring tanong. **"Kailan kita pinaglaruan?"**

Siya naman ang natigilan ngayon. **"Sa ginagawa mo kasi ay hindi ko malaman kung saan ako lulugar."** Matagal bago siya nakasagot. **"Kapag sinusuyo kita ay umiiwas ka. Madalas ay napapahiya ako sa mga sinasabi mo. Tapos mayamaya bigla kang manununggab. Hindi ko maintindihan. Nakakalito ka, Sensui."**

Hindi ko nagawang sumagot agad. Sandali pa akong nag-isip bago nakapagsalita. **"Ang sabi ko naman sa 'yo ay manatili na muna tayo sa kung ano ang meron sa 'tin ngayon."**

"See?" ubos na agad ang kaniyang pasensya. **"Alright, tell me, ano nga ba ang meron tayo? Ano ang tawag dito?"**

"Hindi ko alam."

"Tss," mabilis na namula ang kaniyang mga mata, parang maiiyak na. **"Wala akong panahon sa..."** bumuntong-hininga siya at matunog na lumunok. **"Hindi ako nakikipagbiruan. Hindi ko ugaling makipaglandian. Seryoso ako. At ang gusto ko ay maging akin ka."** Tumingin siya sa mga mata ko. **"Ulit."**

Malungkot akong tumitig sa kaniya. At wala sa sarili kong nahaplos ang kaniyang mukha. **"I'm still adjusting to the changes,"** nahihiya kong sinabi bagaman nakangisi. **"Be patient with me."**

Kumunot ang kaniyang noo saka umiling. **"That's a waste of time, Deib Lohr,"** malungkot niyang sabi.

"Everything takes time, Maxpein," nagbaba ako ng tingin.

"I know," sumeryoso siya. **"And time takes everything away."**

Tiim-bagang akong tumitig sa kaniya at hindi nakasagot. 'Ayun na naman 'yong pakiramdam nang nakakatakot na lungkot. Binabalot ako at pilit inilalayo sa tunay na mundo. At kahit na gusto ko siyang abutin ay may kung anong pumipigil sa 'kin. Hindi ko nagawang magsalita.

"I already missed my chance, Deib," dagdag niya. **"Don't make me take away yours."**

"Maxpein," pinigilan ko siya sa akmang pagtalikod.

Pero hindi niya na ako nagawang harapin. At kahit hindi niya ipakita sa 'kin ay nararamdaman ko kung gaano kasama ang kaniyang loob.

"You're only making me chase you. Deib, I don't know what to expect from you. This chase only stirs up my feelings. I want a clear answer. Something that tells me that you, also, still, want to be with me. I'll stop chasing you. I'd rather give others a chance to catch me." Matapos sabihin iyon ay dere-deretso siyang lumabas at pabagsak na isinara ang pinto.

Tch. This girl is so demanding. I know you'll always come back to me, but you still need to tell me you love me.

BAGO pa man tumunog ang alarm clock ay nagising na ako kinabukasan. Pakiramdam ko ay noon lang ako nakatulog nang ganoong kaayos, katagal, at kapayapa. Marahil ay dahil eksakto ang oras ng tulog at gising ko. Hindi kulang at hindi rin sobra. Nakadagdag din siguro ang tunog ng dagat. Pakiramdam ko kasi ay na-relax ang buo kong katawan para muli kong maramdaman ang tunay na pahinga.

Agad akong bumangon at uminom ng tubig. Ilang beses akong nag-push-up bago tuluyang pumasok sa banyo at naligo.

Nang matapos ay doon ko lang napansin na hindi ko pa naayos alinman sa mga gamit ko. Kaya agad kong binuhat ang maleta at isa-isang inilabas ang mga damit ko.

Ngunit nahinto ako nang makita ko ang maliit na kahitang ipinakatatago ko. Dinampot ko iyon ay hinaplos-haplos. Hanggang ngayon ay hindi pa rin ako handang makita muli ang singsing doon. Hindi ko na matandaan kung kailan ko huling binuksan ang kahita. Ang natatandaan ko lang ay minsan ko na iyong itinapon. At halos kumbulsyunin ako sa lagnat matapos hanapin iyon nang magdamag sa ilalim ng tubig.

Bago pa man ako muling malunod sa lungkot ay naagaw na ng kakaibang ingay ang atensyon ko. Nagmumula iyon sa labas ng hotel, sa terasa. At

kahit pa nakasara ang mga bintana ay maririnig iyon. Mga makina na animong magkakasunod na binubuksan. Hindi ko alam kung ilan, ngunit nasisiguro kong hindi iisa.

At gano'n na lang ang gulat ko nang makita ang sangkatutak na jetski! Iba't iba ang hugis, laki at kulay ng mga iyon. At mas nakakagulat na makita na nakaayos ang mga iyon nang hugis puso!

What the hell is this?

"'Oy! Deib Lohr!" nangibabaw ang pagkalakas-lakas na sigaw ni Tobi. **"Stay there, 'dre!"** senyas niya. Hindi ako makapaniwalang sa layo namin sa isa't isa ay maririnig ko siya.

Muli akong nagulat nang makita ang mga kaibigan, at magulang namin na nakahilera sa dalampasigan. Ang lahat ay nakatingala sa akin at pawang mga tumatawa. At mayamaya pa ay pawang mga nakatanaw na sa mga jetski na 'yon at tila naghihintay sa kung anuman ang gagawin sa mga iyon.

At gano'n na lang ang gulat ko nang mayamaya ay maghiyawan ang mga kaibigan ko. Para bang gusto kong bumaba bigla. Pero may kung anong pumipigil sa 'kin. Dahil hindi ko makikita nang ganoon kaganda ang anumang palabas kung doon ako manonood sa 'baba.

Natinag ako nang mag-ring ang aking cellphone. Nagmamadali ko iyong kinuha at muling lumabas. **"Maxpein?"** sagot ko.

"Gising ka na?" kaswal niyang sinabi sa kabilang linya. Bigla ay para akong nabuhayan. Hindi ko inaasahang tatawag siya ngayong umaga matapos niyong mabigat na linyang binitiwan niya kagabi.

"Yeah. And I'm actually thinking what you're going to do..." Kunot-noo akong napatingin sa telepono nang patayan niya ako ng linya! *Tsk.*

Aligaga akong tumunghay sa terasa upang muli lamang magulat. Dahil ang sumunod na nangyari ay hiyawan ng mga kaibigan at kasama ko. Naghanap ang aking mga mata at hindi naging mahirap para sa 'king tanawin at makilala ang tatlong Moon na magkakapatid.

Agad na kumuyom ang mga palad ko nang makita ang isang piraso ng itim na tank suit na suot ni Maxpein. Pero may kung anong nagsasabi sa akin na wala akong karapatang diktahan siya sa kung anong dapat na isuot. Hindi nakasagabal ang mahaba nang buhok niya sa likod upang makita ko ang magandang kurba ng kaniyang katawan. At talaga namang nakakaloko ang hindi maipaliwanag na inis sa dibdib ko.

Kumibot-kibot ang labi at panay ang paggalaw ng aking panga at mga kilay. Hindi mapakali maging ang mga daliri ko. Sa isang maling kilos niya

ay talagang magkukumahog akong bumaba. At sa sitwasyon kong iyon ay paniguradong masisira ko ang elevator kapag hindi agad ako nito ibinaba.

"What an enormously pain in the ass you are, Maxpein," gitil kong bulong sa sarili.

Ngunit ang gitil na iyon ay panandalian lang. Halos tumalon ang puso nang magkakasunod na tumalon ang magkakapatid na Moon sa sa magkakasunod din na jetski na nakaparke. Hindi ko makalkula kung paano nilang nagawa na talunin ang seat ng jetski nang ganoon kaswabe. Magkakasunod, na para bang mga palakang malaki ang tiwala sa lulundagan, hindi sila mahuhulog.

Magkakapatid na rabbit, tch.

Ginawa nila iyon nang paulit-ulit. Sa magkakasunod na jetski na nakahilera sa hugis na malaking puso. Gumegewang ang bawat jetski na matalunan nila. Nakakakabang panoorin! At dahil do'n ay naghiyawan ang mga nanonood maliban sa akin. Para akong aatakihin. Sa isang maling talon nila ay pwede silang mahulog ngunit hindi malulunod.

Pero sa suot mo, Maxpein, imposibleng hindi ka magalusan. Hindi ka nag-iisip.

Malinaw sa aking isipan ang makinis niyang balat. At nakapanghihinayang na magalusan iyon nang dahil lang sa hindi inaasahan niyang pagpapasikat.

"Wooh!"

Lalong nagsigawan ang mga nanonood sa ibaba nang tumalon nang mataas, umikot sa ere nang nakahawak sa tuhod, si Maxpein at bumagsak nang nakaupo na. Nagsipagtilian ang mga babae nang gayahin iyon nina Maxrill at Maxwell, si Yaz ang may pinakamatining.

Napayuko ako sa aking mga siko at kusang naghawak ang pareho kong kamay. Talagang nakakakaba ang sandaling iyon bagaman alam kong tapos na at hindi na sila muli pang tatalon.

Maingay nilang pinag-init ang makina sa mababaw at magkakasunod na pagpihit sa handle, nagyayabang.

Iyong purong itim na jetski ang kay Maxpein. Itim na may linyang pula ang kay Maxwell. At itim na may halong asul naman ang Maxrill. Ang tatlong natatanging jetski na itim, dahil ang lahat ay puti na.

Sabay-sabay nilang pinaandar ang jetski at nagkani-kaniya ng gawi. Pare-parehong mabilis at nagpapataas ng tubig. Hindi ko man nakikita nang

malapit at malinaw ang mga mukha nila ay nasisiguro kong nag-e-enjoy sila. Dahil sa lakas ng tawanan nila, kahit anong layo ko ay naririnig ko sila.

Lalo pang nagsigawan ang lahat nang mangibabaw ang malakas na tugtugin. Nasisiguro kong nagmumula iyon sa malalaking speakers dahil sobrang lakas.

If anything could last forever it's what I feel for you. That's what I feel for you... Oh, baby, you touch my heart in ways that words could never say. That's why I'll always love you.

Napakasarap sa pakiramdam na mapakinggan ang ganoon kagaan na kanta. Napapangiti ako sa hindi maipaliwanag na dahilan habang tutok ang mga mata kay Maxpein. Kahit anong layo at paikot-ikot niya ay nakikilala ko at nakikita ko kung nasaan na siya.

If the sun should refuse to rise, and the moon doesn't hang in the night. The tides won't change, seasons rearrange. When the world is through I will still love you.

Napakaganda ng sinasabi ng kanta, lalo kong hindi naiwasang ngumiti. Pakiramdam ko ay iyon ang damdamin ko para babaeng pinapanood ko ngayon.

Lalo pa akong napangiti nang magpasikat ang tatlong magkakapatid. Nagsalubong sila at kapagkuwa'y humilera. Hindi kapani-paniwalang sa muling pag-andar nila ay bubuo sila ng tatlong malalaki at magkakarugsong na puso sa tubig. Natawa ako.

Kanino kayang ideya ito? Nasosorpresa ako, Taguro.

You're my sunshine after the rain. You're the cure against my fear and my pain. 'Cause I'm losing my mind when you're not around. It's all, it's all, it's all because of you. You're my sunshine, oh, yeah!

Kung tutuusin ay may kakayahan siyang magpakita ng magarbo, at walang katulad na sorpresa. Dahil iyon si Maxpein. Hindi siya nagsasalita tungkol sa kaniyang mga plano. Ngunit sa sandaling magpakita siya ay talaga namang magugulat ang kahit na sino.

Pero itong simple ngunit kakaiba niyang pakulo ay talagang nakakataba ng puso. Hindi ko masabing nagkukulang sa effort, sapagkat hindi iyon ganoon kadaling gawin. Iyon nga lang maanyaya niya sa ganoong palabas ang dalawang kapatid ay paniguradong pahirapan na bago niya napapayag.

Hindi ko rin naman masabing sobra ang effort, dahil nasisiguro kong hindi lang siya ang may kakayahang gumawa niyon.

Pero ang saya na idinudulot niyon sa puso ko ay walang katulad. Walang kapantay. Siya lang ang makagagawa at makapagbibigay.

Honestly, could it be you and me? Like it was before neither less or more. 'Cause when I close my eyes at night I realize that no one else could ever take your place. I still can feel and it's so unreal, when you're touching me, kisses endlessly. It's just a place in the sun where our love's begun. I miss you, yes, I miss you, baby, oh, yeah.

Kung sinuman ang pumili ng mga kantang iyon ay gusto kong pasalamatan. Para iyong mommy ko, ginigising ako sa umaga at sa katotohanan. Gusto kong matawa.

Nangibabaw ang nakabibinging hiyaw ni mommy, lalo akong napangiti matapos ko siyang tanawin. Tuwang-tuwa siya at aliw na aliw, syempre, iyon talaga si mommy.

Muli kong tinanawan sina Maxpein, at bigla akong natigilan. Nang gumuhit ang letrang "I" ay parang alam ko na kung ano ang kasunod. Ang mga salitang ilang oras, gabi at araw ko nang hinihintay. At hindi nga ako nagkamali. "I Love You" ang sumunod nilang iginuhit sa tubig.

Hindi man nagtagal. Hindi man naglagi. Hindi ko man narinig. Hindi man siya ang deretsang nagsabi. At sa isang kisap-mata ko lamang nakita, nakarating sa 'kin ang mensahe niya.

If I knew how to tell you what's on my mind, make you understand. Then I'd always be there right by your side.

Huminto ang tatlo sa gitna at doon bigay na bigay na kumaway. Sinuklay nilang pare-pareho ang mga buhok gamit ang kamay, nagtilian ang mga babae at bakla.

Ang mga mata ko ay natuon kay Maxpein. At sa ilang kilometrong layo namin sa isa't isa ay nasisiguro at nararamdaman kong nasa akin din ang kaniyang mga mata.

Nang matapos ang kanilang palabas ay sumenyas na si Maxwell. At ang mga kaibigan ko ay isa-isang nagsipagtakbuhan papalapit sa mga puti na jetski. May kung anong pananabik akong maramdaman nang kawayan din ako ni Mang Pitong.

Nagmadali akong hubarin ang roba. At halos hindi magkandaugagang maisuot ang polo ko at pants, wala na sa ayos. Ang buhok ko ay lalo ko lang yatang ginulo dahil sa pagmamadali. Para akong bumalik sa pagkabata nang magtatakbo ako upang makababa.

"Yiee! Did you see that, baby!" nagtatalon si mommy nang makaharap ako. **"She's so sweet! She planned this all by herself!"**

"Yeah?" hindi ko maiwasang mapangiti. Tinanaw ko si Maxpein na noon ay biglang pinakabog ang dibdib ko. Papalapit na siya sa akin. At hindi ko na makuhang magalit. Hindi ko alam kung saan nanggaling ang shades at beach cover-up na nakapatong na sa kaninang suot niya.

"Good morning," bati niya, inalis ang suot na shades at may mapanglaw na mga matang tumitig sa 'kin.

"What a great show," ani daddy, hangang-hanga.

"Bakit hindi ninyo subukan ang jetski?" nakangising ani Maxpein. **"Maganda ang panahon."**

"Yiee, I wanna try it, I wanna try it!" ani mommy.

"Sumabay kayo kay Randall," itinuro ni Maxpein ang dating nobyo na abala sa pagsusuot ng lifevest sa anak. Mayamaya lang ay kumakaway na sina mommy't daddy sa 'ming pareho.

"Good morning," muling bati ni Maxpein.

"Morning," bati ko. **"'Aga no'ng pasikat mo, ah?"**

"Hindi mo makikita sa gabi 'yon," nakangiwi niyang sagot. Wala pa man ay nag-iinit na ang ulo. **"Ipinahanda ko na ang agahan natin, let's go?"**

"Hindi mo man lang ako yayayaing mag-jetski?" inis kong tanong.

Gulat siyang napalingon sa 'kin. **"Sa ganiyang suot mo, hindi ko naisip na gugustuhin mo,"** mataray niyang sagot. Lalo akong nainis. **"May lakad kayo ni Maxwell, hindi ba? At titingnan mo pa kung makauuwi kayo nang maaga,"** nakangisi niyang dagdag. Mas iniinis pa ako.

Napabuntong-hininga ako sa panghihinayang. Gusto kong sabihin sa kaniyang gusto ko ring mag-jetski. Pero hindi nga naman akma ang suot kong puting long sleeve polo at itim na jeans. Nakalabas pa naman ang belt ko at nagyayabang ang leather na sapatos. Nagawa ko nang ayusin ang hitsura ko bago pa niya mapansin.

Nakahanda na ang agahan nang makarating kami sa restawran. Doon niya lang nagawang pagmasdan ang kabuuan ko. At gusto kong mainis sa nakakainsulto niyang pagngisi.

"What?" halos singhal ko.

"Alam mo bang sa Palawan ang punta mo?" tanong niya.

Kumunot ang noo ko. **"Yes."**

"Eh, bakit ganiyan ang suot mo?"

"Ilang beses kong bang sasabihin na trabaho ang ipinunta ko?"

Ngumiwi siya at muli akong pinasadahan ng tingin. **"Mas madaling magtrabaho kung akma sa lugar at panahon ang suot mo. Tss."** Mayabang siyang sumenyas sa taga-silbi at mayamaya lang ay inihatid niyon ang kape naming pareho.

"Tch. Ikaw naman ay nagpapasikat nang ganoon ang suot. Nang makalapit ka sa 'kin ay tuhod mo na lang ang nakikita," pabulong kong sinabi ang huli.

Natigilan siya saka natawa. **"Manyakis ka talaga."**

"What?"

"Hindi ba?"

Napapahiya akong sumandal at kunot-noong tumingin sa kaniya. **"Baka nakakalimutan mong hanggang dibdib pa lang ang nahalikan ko."**

Namilog ang kaniyang bibig, hindi makapaniwala. **"Shut up!"**

Umarko ang labi ko, nang-aasar. **"At hindi nagbabago ang plano kong tikman ang kabuuan mo."**

"Deib Lohr!" angil niya.

"Tch. Taguro," inis kong sabi saka nagsimulang kumain.

Agad akong ginanahan. Nagsamasama ang magandang pakiramdam at masarap na ulam. Bukod sa katotohanang magkasabay kaming mag-aagahan.

Natigilan ako sa paghigop ng kape nang makitang nakatitig lang siya sa 'kin. **"Hindi ka na naman kakain?"**

Ngumiti siya, hindi ko maintindihan kung ano ang kaniyang ginagawa. **"Tawagin mo ulit ako."**

"Ha?"

"'Yong itinawag mo sa 'kin kanina, sabihin mo ulit."

Taguro? Sumandal ako at masungit na tumingin sa kaniya. **"Bakit?"**

"Tss. Gusto kong marinig, syempre."

"Okay," nagpatuloy ako sa pagkain.

"Say it!"

Nakangiwi akong umiling. **"Kumain ka na lang."**

"Please?"

"No."

Ngumuso siya. **"Iyon naman talaga ang tawag mo sa 'kin, bakit ba tinatawag mo na 'ko sa pangalan ko, Sensui?"**

"Dahil mas magandang pakinggan ang pangalan mo, Maxpein."

"Ikaw lang ang tumatawag sa 'kin ng Taguro."

"Dahil ako naman ang nagbigay no'n sa 'yo."

"Kaya nga tawagin mo na ulit ako nang gano'n."

"Ayaw ko."

"Bakit nga?"

Bumuntong-hininga ako. **"Kumain ka na, lalamig ang pagkain."**

Padabog niyang dinampot ang kutsara at nakangusong sumubo. Hindi bagay sa kaniya. Talagang kakaiba. Kanina ay walang takot niyang pinalilipad ang jetski, ngayon ay para siyang bata na hindi mabilhan ng gustong kainin.

"Deib Lohr," hindi namin inaasahan nang mangibabaw bigla ang tinig ni Kimeniah. Sabay kaming napalingon sa gawi nito. **"I'm sorry sa abala,"** napapahiya niyang baling kay Maxpein.

"Kumain ka na?" tanong ko nang hindi siya sagutin nito.

"Mamaya na. Nakainom ka na ba ng gamot mo?"

Nabitiwan ko ang lahat ng hawak ko at napatingin sa relos. **"I forgot."** Nakamot ko ang ulo.

"Don't worry, nagdala ako," nakangiting ani Kim dahilan para makahinga ako nang maluwang. Ilang minuto na lang ay lalampas na ako sa tamang oras ng pag-inom ng gamot.

Dali-dali iyong binuksan ni Kim. Ipinagsalin niya ako ng tubig sa baso. Hindi nakaligtas sa 'kin ang panginginig ng kaniyang mga kamay nang marahan niyang iabot ang tubig sa 'kin. Nasisiguro kong naiilang siya kay Maxpein.

Nang tingnan ko si Maxpein ay tutok siya sa bawat kilos ni Kim. Na tila ba sinasaulo ang mga 'yon dahil hindi niya na hahayaan pang gawin ulit ni Kim ang mga ginagawa nito ngayon. Na para bang kailangan niya nang ibigay ang sandaling iyon kay Kimeniah dahil paniguradong mami-miss nito ang gano'ng mga gawi para sa 'kin. Dahil sa talas palang nang pagkakatitig niya ay nasisiguro ko nang hindi magandang ideya para sa kaniya ang napapanood niya.

"May trabaho ka ngayon, hindi ba?" itinatago ni Kim ang garalgal sa kaniyang tinig, nabigo siya. **"Ipinagdala na kita ng gamot, 'eto ang bottled water mo. Magte-text ako mamaya kapag oras mo nang uminom ng gamot, Deib."**

"Thank you, Kimeniah," nahawakan ko sa tuwa ang kamay ni Kim. **"Come and join us for breakfast."** Agad akong tumayo at ipinaghanda

siya ng upuan.

Naiilang siyang ngumiti sa akin, napipilitan. Saka siya lumingon kay Maxpein at tumanggi. **"Hindi na. Sasabay na lang ako kina ate at sa mga kaibigan natin."**

"Sumabay ka na sa 'min," mahinang sagot ni Maxpein. **"Baka malibang sa pagdye-jetski ang mga 'yon at hindi agad makabalik."**

Makikitang gusto pang tumanggi ni Kim. Ngunit dahil maayos ang pagkakasabi ni Maxpein ay nahiya na rin siyang tanggihan ito. Kamot niya ang ulo nang alalayan ko siyang maupo. Sinenyasan agad ni Maxpein mga taga-silbi upang pagsilbihan si Kimeniah.

Bigla ay parang nagbago ang ihip ng hangin. Tahimik ang dalawa, habang ako ay pasimpleng nagmamasid sa kanila. Malungkot ngunit nagpapaubaya ang hitsura ni Maxpein. Nahihiya at naiilang pa rin si Kim.

"Ah...magaling ka palang mag-jetski?" bigla ay nagbukas ng topic si Kim. Napipilitang pasiglahin ang sarili. **"Grabe 'yong ginawa mo kanina. Tumalon-talon ka sa mga jetski, nang walang kahirap-hirap. Nakakabilib, sobra!"** Kung tutuusin ay pwedeng hindi niya na sabihin ang mga papuring 'yon dahil mababasa na sa kaniyang ngiti at mga mata.

"Marami akong talent," kaswal na sagot ni Maxpein. **"Isa pa ay hindi naman gano'n kahirap pag-aralan ang jetski lalo na at nagmo-motor naman ako. Parang ipinanganak na akong marunong, gano'n."** Si Maxpein ang babaeng hindi alam ang salitang effort kapag nagyayabang. May sariling hangin ang bawat salitang binibigkas niya.

Napamaang sa gulat si Kim. Hindi inaasahan ang kaniyang sagot. Hindi niya rin magawang tumawa. Hindi kasi masabing nagbibiro si Maxpein. Masiyado siyang seryoso at nang hindi agad makatugon si Kim ay napanguso siya. Na para bang sinasabi sa kaniyang isip na kailangan naming maniwala dahil nagsasabi siya nang totoo.

Hambog. Tch.

"Napakarami no'ng jetski na inihanda mo para mapasaya si Deib Lohr, nakakabilib," bakas sa hitsura ni Kim ang tuwa. **"'Buti narentahan mo ang gano'n karami? I mean, sa ganitong panahon ay maraming gugustuhing mag-jetski. Payapa ang tubig at maganda ang panahon."**

"Pag-aari naming lahat 'yon," kaswal uling sagot ni Maxpein. **"You can use them anytime, kung gusto ninyo. Pwede kayong pumunta sa mga kalapit na islang pag-aari rin namin. Nandiyan naman si Mang**

Pitong para bantayan at samahan kayo." Syempre, hindi niya na naman naramdaman kung gaano kalakas na hangin ang kasama ng mga salita niya.

"Meron kayong eroplano, chopper, mga yate, limo, mansyon, hotel, isla..." nakangiwi kong sabi. **"Lahat na yata ay meron kayo, Maxpein. Bakit pa ba ako nagugulat? Sarili ngang mundo ay meron ka,"** sarkastiko kong dagdag, na ang tinutukoy ay ang ugali at kawirduhang meron siya.

"Meron ka pa ngang hindi nakikita," nakangising aniya. **"'Wag ka muna masiyadong mamangha."**

"Ano?" nabuhay ang interes ko.

"Saka ko na ipakikita sa 'yo."

"Kailan?"

"Kapag tinawag mo na uli akong Taguro." Inilabas niya ang dila upang asarin ako.

Tch! Gusto mong marinig ang bansag mo nang hindi naiisip ang gusto kong marinig mula sa 'yo. Gusto kong maramdaman 'yong pakiramdam nang binibigla mo ako, Taguro. Hindi ko sasabihin sa 'yo ang mga salitang hinihintay mo hangga't hindi ko naririnig ang nakamamatay na salitang hinihintay kong marinig mula sa 'yo.

MAX'S POV

"KIMENIAH..." Tinawag ko ito matapos ang mahabang katahimikan sa pagitan ng aming pag-aagahan.

Naiilang siyang tumingin kay Sensui bago lumingon sa 'kin. **"Yes, Maxpein?"** halatang pinalalakas niya ang loob sa pamamagitan ng pilit na ngiti. Ngunit tinatraydor siya ng kaniyang tinig.

"Ang dinig ko ay ikaw ang nag-alaga kay Deib Lohr no'ng mga oras na wala ako," nakangiti kong sabi.

"Tch. Oras ka lang bang nawala?" pabulong na singhal ni Sensui sa kaniyang tabi.

"Kung iniisip mong hindi kita naririnig ay nagkakamali ka," mataray kong sabi, nakatunghay sa kaniya. **"'Wag ka nang magmaktol dahil nandito na ulit ako,"** mayabang kong sabi.

Hindi ko maintindihan ang sarili ko sa sandaling iyon. Pakiramdam ko ay nasa isa akong kompetensya ngunit walang kalaban. Marahil ay dahil sa presensya ni Kim. Makikita, maririnig at halata namang hindi siya nakikipaglaban sa akin pero 'eto ako at napapraning. Hindi ko mapigilan ang sarili kong isatinig na ang lalaking nasa harap naming pareho ay pag-

aari ko. At wala siya ni katiting na karapatan para umastang kung sinumang mas importante pa sa akin. Na maaaring siya ang nasa tabi nito sa mas mahabang panahon kompara sa akin, pero ang pagmamahal nito ay pag-aari ko.

"Salamat," muli kong baling kay Kimeniah, seryoso. **"Salamat sa lahat."**

"Tch," muli ay nag-react si Sensui. **"What are you talking about?"** seryoso siyang nagbaba ng tingin. Ang pagkakakunot ng kaniyang noo ay hindi nakaligtas sa aking paningin.

Kunot-noo ko siyang nilingon. **"Nagpapasalamat lang ako dahil binantayan ka niya bilang kaibigan,"** pinagkadiinan ko ang huling salita.

Pero sa isang banda ng isip ko ay hindi ko maiwasang makonsensya. Wala namang ginagawa ang babaeng ito sa akin para makaramdam ako nang ganoon sa kaniya. Kung tutuusin ay para kay Sensui rin naman ang mga akto niya pero pilit ko iyong kinakikitaan ng masama. Maganda naman ang kaniyang pakikitungo sa akin, sa amin, at hindi ko maramdaman ni katiting na bahid ng kaplastikan. Pero 'ayun ako at parang bata na nagseselos, parang bata na nakikipagpaligsahan sa hindi sapat na dahilan.

"You're welcome," nakangiting ani Kim, nabawasan ang kaba. **"Ang totoo ay ginusto ko rin naman 'yong mga..."** Huminto siya sa gitna ng pagsasalita. Naantig ang interes ko, malamang. At hindi lang interes ang tumaas sa akin kundi maging ang kilay ko na nakikipagpataasan na sa suot niyang takong. Lalong sumama ang mukha ko sa tamis ng kaniyang ngiti, at naglalarong mga daliri na animong may naalalang hindi kanais-nais na paglalandi. Saka siya nagpatuloy, **"kung anumang nagawa ko para sa kaniya. Kaya hindi mo kailangang magpasalamat, Maxpein."**

Sa kabila ng magagandang salitang sinabi niya ay naghihimagsik ang dibdib ko. Hindi ko nagustuhan ang sagot niya. Para kasing may itinatago. Nagseselos pa rin talaga ako kahit anong pilit kong maging kaswal. Kahit na batuhin ko siya nang magagandang salita. May kung anong tanong at hindi matiyak akong pakiramdam. Lalo na nang maalala ko ang mga sandali nila nang bagong dating ako. Iyong unang beses naming muling magkita. At iyong gabi na magkakasama kaming magkakaibigan sa bar. Lalo na ang paraan nang pagkakalingkis niya kay Sensui, mahihiya ang pinakamalaki at pinakamahabang sawa.

"Ano nga ba ang mga ginawa mo para sa kaniya?" bago ko pa mapigilan ang sarili ko ay iyon na ang aking naitanong.

Naging pilit muli ang ngiti ni Kim, bumalik ang kaninang naiilang niyang tingin. **"What do you mean?"**

"Bukod sa pagpapainom ng gamot, anong naging papel mo sa kaniya?" Hindi ko na mapaganda ang tono ng pananalita ko. **"At ano ang pakiramdam habang ginagawa mo 'yon sa kaniya? 'Yong pagiging magkaibigan ninyo, nanatili ba?"**

"Maxpein," nananaway ang tinig ni Sensui.

"Seriously, gusto ko lang malaman," plastik ang ngiti kong sabi. **"Nakakapanibago kasi na bigla kayong naglayo no'ng gabi ng party ni Tob."** Nagkatinginan sila at nang dahil do'n ay gusto ko lalong magalit. Wala akong mahitang sagot. **"Ang totoo ay nahihirapan akong makipagbalikan kay Deib Lohr, Kimeniah,"** pamamrangka ko na ikinagulat ni Kim.

Natitigilan siyang tumitig sa akin. At nang hindi matagalan ang papasama ko nang tingin ay nag-iwas siya. Nakita ko siyang mapalunok at dahan-dahang mamutla.

"Hindi ko malaman kung may pumipigil ba sa kaniya, o..." Hindi ko na talaga mapigilan ang bibig ko. Ang emosyon ko ay masiyadong nagpapakatotoo. At dinadarag ng mga salita ko aking kaharap ngayon. **"Talagang wala na akong pwedeng balikan pa. Ano sa tingin mo, Kimeniah?"**

"I don't know what you're talking about," lumalabas na ang natural na palabang side ni Kimeniah.

Nakangiti akong umiling, pilit ipinapakitang kaya ko ngang ngumiti. **"I want him back, and I'll do everything just to have him back."** Muli akong tumitig kay Kimeniah, ipinararating na hindi lang basta ang mga salitang binibitiwan ko. **"Hindi na uli ako aalis pa. At kahit gugulin ko ang bawat araw sa pagsuyo sa kaniya ay gagawin ko. Tanggapin niya lang uli ako."**

Hindi ko maintindihan kung naiintindihan ba nila ang sinasabi ko. Wala sa akin ang kanilang paningin. At naiinis ako dahil hindi nagkakalayo ang mga kilos nila at gawi.

"May naging relasyon ba kayong dalawa?" patuloy ko na parehong ikinagulat nila. **"Anong naging benepisyo mo sa pagpapainom ng gamot, Kimeniah?"**

"Enough, Maxpein," pigil ni Sensui, nakikiusap at nagpipigil ng galit. Pero sa ginagawa niya ay lalo niya lang akong binibigyan ng dahilan para

magkaganito.

"Inimbita mo ba akong kumain para interogahin?" hindi na natagalan ni Kimeniah ang pagiging santa. Masiyado yata talagang naging harsh ang pagtatanong ko, bugso ng damdamin.

"I'm sorry," napapahiya kong sinabi. Alam ko ang mali ko. Pero hindi no'n mababago ang katotohanang iba ang pakiramdam ko sa kanilang dalawa.

Tumitig ako kay Kimeniah. Pilit kong pinagsasama-sama ang selos, galit, inis, at matinding selos ulit. Dahil kung hindi ay paniguradong mag-aaway kami. Palaban siya, nasisiguro ko iyon. Pero mas nasisiguro kong hindi siya uubra.

"Kung gano'n ay si Deib Lohr ang tanungin natin," nakangisi kong sabi.

"Maxpein," nakikiusap ang tinig ni Sensui.

"What?"

"What are you doing?"

"I'm clarifying things."

"No, you're not." Nagtiim ang kaniyang bagang. Kinabahan ako sa hindi malamang dahilan. **"Stop it."**

Hindi ko maipaliwanag ang kakaibang alon na naramdaman ko sa dibdib. Pinahirapan akong huminga. **"Hihinto ako kapag nasagot na ang tanong ko,"** seryoso kong sinabi, nagpapaintindi, nangangako.

"Nag-usap na tayo," mariin niyang sinabi, pinangungunahan ako.

"Hindi ako kontento."

"Then talk to me in private."

Nangunot lalo ang noo ko. **"Pribadong pag-uusap naman 'to, tatlo nga lang tayo."**

"No. You're just embarrassing Kimeniah." May kung anong awtoridad sa tinig ni Sensui, pumoprotekta kay Kimeniah.

Natahimik ako at kinimkim ang nabubuhay kong galit. Galit na pinatitindi ng selos at kapraningan.

"Gusto ko lang malaman kung may relasyon kayong dalawa?" kalmado kong sinabi. Sinikap kong huwag magtonong nang-iinteroga.

"Wala," deretsong sagot ni Sensui. Kontento ako sa sagot niya, sigurado ako ro'n. Pero hindi ko maintindihan kung bakit nakakaramdam ako ng pagkukulang.

"May gusto ka pa ba sa kaniya, Kimeniah?" tumingin ako nang deretso rito.

"Oo," hindi ko inaasahan ang deretso niya ring tugon. Nakagat ko ang labi ko at napangisi sa inis. **"At patuloy ko siyang minamahal habang pinapanood ko siyang masaktan nang dahil sa 'yo."**

"Kim, please," pakiusap ni Sensui.

Hindi siya pinansin ni Kim. **"Oo, pag-aari mo siya, at alam naming lahat ang relasyon ninyong dalawa,"** tumitig siya sa akin. **"Hindi ko 'yon kinalilimutan, Maxpein, at totoong inirerespeto ko ang relasyon ninyo."**

"O, eh, ano'ng punto mo?" pandadarag ko.

"Na hindi sa 'yo umiikot ang mundo, Maxpein." Mapait na ngumisi si Kimeniah. Ang mga mata niya puno ng pagkadismaya na para bang pagkalaki-laki ng ipinangako ko sa kaniya.

"King ina, anong alam mo?" agarang sagot ko, pilit dumedepensa. Malayo ang mga sagot niya sa tanong ko pero hindi ko nagugustuhan ang alinmang sinasabi niya. Batid kong ginigising niya ako sa nararamdaman nila, pero galit ko ang nagigising imbes na ang diwa.

"Maxpein, tama na," gitil nang sabi ni Sensui.

"Hindi mo alam kung ano ang pakiramdam na mawalan ng karapatang masaktan," patuloy ni Kimeniah, hindi naalis ang mataray na tingin sa akin. **"Gano'n ang ipinaramdam mo kay Deib Lohr nang mawala ka. Dahil ang bawat kibot ng labi niya, bawat luhang pumapatak mula sa mga mata niya, bawat sakit na tinitiis niya, kailangan niyang pagdaanan nang mag-isa. Bakit? Dahil ginagawa mo ang lahat para sa kaniya, hindi ba? Dahil kailangan mong umalis para sa kapakanan niya. At iyon ang paulit-ulit na sagot na natatanggap niya sa t'wing hahanapin ka niya at hihilinging makita. Na ginawa mo 'yon, para sa kaniya."**

Hindi ko nagawang sumagot. At kahit anong talim nang pagkakatitig ko kay Kim ay nagagawa niya na 'yong labanan. Kung tumitig at magsalita siya ngayon ay para bang kaytagal niyang kinimkim ang mga sinasabi ngayon.

"The past can only be accepted, Maxpein. He did what's best for him, and that's fine as long as he's hurting no one. Deib Lohr doesn't need to apologize for how he chose to survive." Marahas na naglakad

papalayo si Kimeniah matapos sabihin 'yon. Hindi ko na nagawang makatugon.

Napatitig ako kay Sensui, wala sa akin ang mga mata niya. Ang lungkot na mababasa sa kaniyang mga mata ay parang matatalim na kutsilyong marahan akong sinasaksak. Masakit para sa akin na maintindihan nang lubusan ang mga salitang iniwan sa akin ni Kim.

"Maxpein." Bumabaw ang malalim na pagkakatitig ko kay Sensui nang may tumawag sa 'kin mula sa likuran. Tinig iyon ni Maxwell. At sa himig pa lang niya ay mukhang seryoso ang kaniyang pakay.

Bumaling ako sa gawi niya nang hindi siya tinitingnan, bago ko muling pinangkol ng tingin si Sensui. Napabuntong-hininga ako nang makitang hindi man lang nabago ang hitsura niya. Ang kakaibang lungkot na mababasa sa mga mata niya ay noon ko lang nakita. Sa tagal sandali naming pagsasama, sa mga oras na nasasaktan ko siya, nadidismaya, o kung anumang dahilan para malungkot siya, ngayon ko lang nakita ang lungkot na iyon.

At sa sandaling iyon ay napagtanto ko na iba talaga ang naging epekto nang huling nangyari sa kaniya. At napakamakasarili ko para timbangin ang sarili kong nararamdaman. Napakamakasarili ko para isiping ako ang higit na nasaktan, kung posibleng pantay lang naman.

"Maxpein Zin?" iritableng tawag ni Maxwell. Hindi ko pa rin siya nagawang lingunin.

"Mukhang may mahalagang sasabihin ang kapatid mo," nakangiting ani Sensui, hindi ko inaasahan. Hindi ako nakasagot. **"Sige na,"** isinenyas niya ito.

"Hindi pa tayo tapos mag-usap," nagbaba ako ng tingin.

"Kung gusto mo akong makausap ay nandito lang naman ako, nasa Palawan tayong pareho." Wala sa himig niya ang sarkasmo, pero 'yon ang intindi ko.

"Maxpein," muling pagtawag ni Maxwell. **"*Netjae*'s on her way here."**

Awtomatiko akong napatayo at humarap kay Maxwell. **"Eh?"** nagugulat kong tanong. Aniya ay paparating ang ikaapat na hukom.

Hindi 'yon normal. Ang hukom ay hindi umaalis sa bansa, at kung mangyari man 'yon ay may malalim na dahilan. Kagaya nalang nang nangyari nang magpunta sila sa bansang ito dahil sa akin. Tuloy ay hindi ko maiwasang kabahan, at mag-alala sa dahilan kung bakit paparito sila.

Napapalunok akong tumitig sa kay Maxwell saka humakbang papalapit. **"*Wae*?"** halos bulong ko kung bakit.

Wala akong makapang posibleng dahilan para pumunta rito ang *Netjae*. At nagtataka ako kung bakit mag-isa lamang itong pupunta. Nasisiguro kong may kasama ito, mga tauhan, gwardiya at kanang kamay niya. Imposibleng lumakad nang nag-iisa ang isang hukom, delikado 'yon, at kabastusan sa kanilang posisyon. Kailangan silang ingatan.

Ang tinutukoy kong pag-iisa nito ay ang pagiging hukom. Kadalasan kasi ay magkakasamang umaalis at dumarating ang apat na hukom. Kapag nagkataon ay ito pa lang ang ikalawang beses na humiwalay ang *Netjae* sa tatlo pang hukom. Noong una ay nang baguhin niya ang hatol.

Sa halip na sagutin ako ni Maxwell ay nilingon niya muna si Sensui bago muling tumingin sa 'kin. **"Let's go."**

Nangunot ang noo ko at muling napabuntong-hininga. Hindi ko magawang tingnan sa mga mata si Sensui nang minions ko siyang harapin. Kanina lang ay sinabi kong hindi na ako ulit ako aalis, umaasang makukumbinsi siyang tanggapin ako ulit. Pero 'eto ako ngayon at nag-iisip sa dahilan kung bakit paparating dito ang isa sa mga hukom. Hindi kasi malabong sumadya ito nang ganito kalayo, nang ganito kadelikado, kung hindi importante, kung walang kailangan, kung walang iuutos.

"Go ahead," natinag ako nang magsalita si Deib Lohr. **"Kailangan ko na ring mauna, hindi pa ako tapos sa paghahanda ng mga gamit ko."** Wala man lang bahid nang pagkapahiya ang mukha niya. Napalunok ako at hindi nakapagsalita.

"Maxpein, we have to go," naiiritang ani Maxwell.

"May ibang araw pa naman," nakangiti pa ring ani Sensui. **"Pero kung..."** Napatitig ako sa kaniya. Nakangiti naman siyang ngumiwi. **"Kung kailangan mo mang umalis ulit..."** Namulsa siya at nagkibit-balikat, sadyang binibitin ang gustong sabihin. **"'Wag kang magdalawang-isip."** 'Tsaka lumamlam ang mga mata niya, tipid na ang ngiti. **"Isipin mo na lang na wala ka nang obligasyong babalikan para paliwanagan."**

Tila biglang tinambol ang dibdib ko. Hindi ko alam kung bakit kailangan niyang sabihin 'yon. Hindi ko nagawang sumagot. Pinanood ko siyang magtaas ng kamay para kumaway, at saka nakapamulsa akong tinalikuran.

Sensui...

"Let's go!" mariing ani Maxwell, naiinis sa pagmamadali. Nagbaba ako ng tingin at nagmartsa papasabay sa kaniya.

Kompleto ang Moon nang makalabas kami ng hotel. Lahat sila ay pawang bihis na bihis at pormal na nakatindig malapit sa dalampasigan. Mga nakatayo ro'n at naghihintay kasama nang nag-iisang tauhan. Malinis na ang dalampasigan. Wala na ang hilera ng jetski at speedboat. Wala na rin ang mga banyaga na nakisalo kanina sa saya. Maging ang mga kaibigan ko ay hindi ko na mamataan ngayon.

"Wala tayong katau-tauhan, Maxwell. Bakit hindi nagpasabi ang *Netjae*?" nag-aalala kong sabi.

"Hindi ko rin alam," tiim-bagang niyang sagot habang pareho kaming hirap na hirap maglakad sa buhanginan. **"Kahit si daddy ay gulat na gulat matapos makatanggap ng tawag."**

"Sino ang mga kasama niya? Saan sila dumaan? Ano ang gamit nilang sasakyan?" Natural lamang na mag-eroplano sila papasok ng bansa, at yate papasok sa isla. Ang tinutukoy ko ay ang nilapagan at dinaungan ng mga iyon.

"Calm down," kunot-noo niya akong nilingon.

"She's not safe here, Maxwell," mariin ko ring sabi.

Ang bansa at ang lugar na ito ay ligtas. Ngunit para lang 'yon sa 'min. Kahit walang tauhan ay kaya naming protektahan ang isa't isa. Ngunit ang ikipinag-aalala ko ay ang mga taong posibleng mag-abalang sundan at sabayan ang hukom, ipahamak lang siya.

Ilang saglit lang nang matanawan namin ang paparating na yate ng mga Del Valle. At talaga namang nakakainip ang paghihintay na makalapit 'yon.

Hindi pa man tuluyang dumaraong ay nagsipaglapitan na kami upang mag-unahan sa pag-alalay sa hukom. Ngunit hindi na kami kinailangan doon nang isa-isang humilera ang mga tauhan ng hukom upang pagsilbihan siya.

Suot ang magarbong damit na naaayon sa bansang ito, at sa kaniyang posisyon, mababaw na tumango sa amin ang hukom. Isa-isa kaming nagsipagtanguhan hanggang sa tuluyan itong humakbang sa harap namin.

"*Annyeonghashimnikka, mama,*" sabay-sabay naming pagbati.

Dinig naming humugot nang nananabik na hininga ang *Netjae* at nagagalak iyong pinakawalan. **"Hello, paradise,"** anang *Netjae* na namamanghang iginala ang paningin sa buong lugar. Hindi namin

inaasahan ang pagbati niya, umayos kami ng tayo at pinanood siyang matuwa.

Hindi ko siya masisisi. Walang ganitong kagandang lugar sa amin. At kahit ilang beses ko pa itong mapuntahan, walang makatatalo sa ganda ng Palawan.

Isa-isa kaming bumati ng sa *Netjae* ngunit hindi kami nito magawang pagtuunan ng pansin. Para bang nalunod na agad siya sa ganda ng lugar, hindi niya kami magawang tugunan maski tingnan.

"There is nothing more beautiful than this place. I'm in love." Natigilan ang lahat nang mangibabaw ang pamilyar na tinig.

Bi... **"Bitgaram?!"** nagugulat ko itong tiningala. *What the hell is he doing here?*

"Maxpein, *annyeong*!" makulit nitong pagbati. Bitgaram Lee. Ang kaisa-isa at anak na lalaki ng *Netjae*.

Nagpaalalay itong bumaba at dagling lumapit sa kababatang si Maxwell. Para bang kaytagal nilang hindi nagkita sa sobrang haba ng kanilang batian. Samantalang ang totoo ay nakasama namin ito sa Amerika.

Matapos kay Maxwell ay isa-isa niyang nilapitan upang bigyang galang ang mga Moon. Gaya ng kaniyang ina ay hindi matawaran ang tuwa at galak niya sa Palawan. Ang bawat linyang sinasabi nito ay may papuri sa lugar.

At ang masuyod niya ang lahat ay saka siya lumapit sa 'kin. **"I have a good news for you, Maxpein Zin del Valle-Moon."** Kinuha niya ang kamay ko at walang alinlangan iyong hinalikan.

"I guess bad news travels faster than the good ones." Dagli kong binawi ang kamay ko sa kaniya at sinamaan siya ng tingin.

Magkaiba man ng edad ay nakasama ko rin siyang lumaki. Bagaman silang dalawa ni Maxwell ang magkaibigan, nagkakilala kami nang lubusan dahil sa training. Lalaking rango si Bitgaram. At bago kami umalis sa Korea ay nabanggit sa akin na siya ang kinikilalang papalit sa nangungunang lalaking rango.

Agad na nagpaunlak sina More at Mokz para patuluyin ang mga bisita. Mabuti na lang at masyadong nalunod sa ganda ng lugar ang hukom. Tuloy ay hindi nito magawang mahirapan sa paglalakad sa buhanginan.

Agad kaming dumeretso sa restawran. Kahanga-hangang nagawang linisin ng mga tauhan iyon sa loob ng iilang minuto, mula nang lisanin ko iyon. Wala masiyadong tao, gwardiyado ang lugar.

"I'm speechless," anang hukom nang makaupo kami sa mahabang pinagdikit-dikit na mesa. **"I'm swept away!"** Hindi na napigilan pa ang bibig ng hukom matapos sabihin iyon. Paulit-ulit ang papuri niya, hindi talaga matawaran ang saya.

At sa sandaling nagsasalita ang hukom ay hindi maalis ang atensyon ko kay Bitgaram. Na noon ay panay ang pang-iinis sa akin habang nakangisi sa harapan ko.

"What?" pasinghal kong sabi.

"I'm excited," tugon nito.

"About what?"

"Us."

"What?" nangunot nang matindi ang noo ko. Nakangiwi lang siyang lumabi.

"Garami-*hyung*!" nangibabaw ang tinig ni Maxrill na noon ay hindi ko man lang namalayang wala ang presensya. Halos mag-unahan sila sa pagtakbo ng kaniyang aso. **"*Hyung-nim*!"** Tumayo siya at tumango sa tabi nito.

"Maxrill, *annyeong*!" tumayo si Bitgaram at ginulo ang buhok ni Maxrill. **"Hee-yong, *annyeong*!"** nilaro niya rin ito sa noo.

"Why are you here?" nakangiting ani Maxrill. Paniguradong sa isip niya ay sangkatutak na aktibidad na ang kaniyang pinaplano. Napakalawak ng dagat, at sa takbo ng utak ni Maxrill ay hindi malabong mapuntahan nila iyong lahat.

Tumikhim ang *Netjae* dahilan para matahimik ang dalawa at maupo. Mukhang nakahanda na itong magpaliwanag. Bigla ay umihim ang napakalamig na hangin. Hindi ko malaman kung bakit bigla akong kinabahan nang tapunan ako nito ng tingin bago bumaling kay Mokz.

"Matagal nang panahon ang dumaan," nagsalita ang *netjae* ayon sa aming lenggwahe. Na kay Mokz pa rin ang kaniyang paningin. **"Nagampanan mo nang tama ang iyong tungkulin. Ngunit nalalaman mo ang mga batas namin. Kailangan mo nang ipasa ang titulo sa ama ng tatlong bata, Chairman Mokz."**

Bigla ay nanlaki ang mga mata ko. *Sinasabi niyang kailangan nang akuin ni daddy ang pagiging Chairman, tama ba ako?* Gulat akong napalingon kay daddy. Mukhang hindi rin niya inaasahan ang dalang balita ng *Netjae*. At hindi na ako magtataka kung lahat kami ay nabigla.

"Bagaman buo ang karapatan at kapangyarihang ibinigay sa iyo. Ang takbo ng taon habang hawak mo iyon ay limitado," patuloy muli ng *Netjae* gamit pa rin ang aming salita. **"Sa susunod na buwan ay inaasahan ng Emperyo na ipapasa mo ang simbolo sa tunay na nagmamay-ari nito."** Sinulyapan at tinanguan ng *Netjae* ang aking ama. Dahilan para matameme ako sa mga labi niya.

Alam ko ang mga kinakailangan para mangyari iyon at hindi malabong madamay kaming magkakapatid. Lalo na ako. Ako na naman ang pinakamalaking kinalaman doon.

"Maxpein," napapikit ako nang banggitin ng *Netjae* ang pangalan ko.

Napalunok ako. Pakiramdam ko ay kasususbo ko lang ng puso ko at bumabara iyon ngayon sa lalamunan ko. **"*Netjae-mama,*"** napapakurap kong bigkas.

"You need to get married," marahan iyong inanunsyo ng *Netjae*. Napamaang ako sa kaniya hanggang sa hindi ko na siya makita dahil sa matinding pagkakatulala.

Napahawak ako sa aking noo at yumuko. Sa sandaling iyon ay tila ba bigla akong nahilo. Napapikit ako at humugot nang pagkalalim-lalim na hininga. Hinihiling ko na sana ay nagkakamali ako ng naririnig.

"Nang sa gayon ay maging posible ang kahilingan ng *centro* na maipasa ang simbolo sa iyong ama," patuloy na paliwanag ng *Netjae*.

Nang mag-angat muli ako ng tingin ay nakita ko ang pagkabigat-bigat na reaksyon ng aking pamilya. Maging si daddy ay sapo ang kaniyang noo at akala mo tumaas ang presyon. Si Maze ay tutop ang sariling bibig at hindi malaman ang sasabihin. Si Mokz naman ay nakatingin lang sa magkahawak niyang mga kamay at nakakaloko ang pilit na itinatagong ngisi.

"Isinama ko si *Bitgaram* dito upang hingin ang kamay mo. Nais naming maikasal kayo."

"Ano!" napatayo ako sa gulat at halos maihampas ang pareho kong palad sa mesa. **"*Netjae*..."**

Nagulat ang *Netjae* sa naging aksyon ko. Nagtataka siyang tumingin sa lahat nang naro'n bago muling bumaling sa akin. Pero hindi niya nagawang magsalita agad. Para akong nauupos na kandila, napaupo ako at muling nasapo ang aking noo.

"You're going to marry me, Maxpein, whether you like it or not," mapang-asar na ani Bitgaram.

"If marriage is an institution then I'm not ready for that, Garam," puno ng sarkasmong tugon ko. Nginisihan niya ako, nang-iinis. Sinamaan ko naman siya ng tingin. **"This is not fair! I don't want to get married just to be married,"** bumaling ako sa *Netjae*. **"Ginawa ko na ang lahat ng kailangan kong gawin. At ang sabi ng *centro* ay maaari ko nang gawin ang anumang naisin ko. Ngunit bakit heto kayo ngayon at sinasabi ito?"** hindi ko na naman napigilan ang sarili kong maghimig bastos. Bagaman gamit ko ang aming lenggwahe, ang tono ko ay hindi akma sa mga salita.

"Maxpein," agad na saway ni Mokz.

"May mga batas tayo, Maxpein," nakikiusap na ani daddy. **"Kailan mo ba matatandaan ang dahilang iyon?"**

"There's no way I'm going to marry this man, I'm sorry!" isinuko ko ang pareho kong kamay. **"He's my friend, for heaven's sake!"** maski ang tingnan si Bitgaram ay hindi ko na magawa. Nainis ako nang tumawa si Maxwell. **"At alam ninyo na may iba akong gusto, at hindi nagbabago 'yon sa kabila nang maraming pinagdaanan ko. Kung may gugustuhin man akong makasama ay siya lang at wala nang iba!"**

Halos mabaliw ako nang tumawa nang malakas ang *Netjae*. **"Kung ganoon ay iharap mo sa akin ngayon ang lalaking nais mong pakasalan. At tatanggapin ko siya nang buong puso,"** walang kasingganda ang ngiti ng *Netjae*. **"At alam mo kung gaano mong mapasasaya ang Emperyo kapag iniharap mo siya sa kanila."**

"That's not going to happen," agad na tugon ni Garam, nang-aasar.

Tumalas ang paningin ko at sa sandaling iyon ay naisip ko si Sensui. *Wala akong ibang gustong ipakilala sa kanila kundi siya. Pero...paano? Sa ganitong sitwasyon namin, paano...?* Napailing ako. **"Napakabilis naman ng oras na hinihingi ninyo,"** sinabi ko iyon gamit ang sarili naming salita, wala sa sarili. **"Why now?"**

"What is the problem?" bumalatay ang pag-aalala sa mukha ng *Netjae*.

"I'm in love with someone else, *Netjae*. But I'm not sure if we're ready..." Hindi ko masabi ang sitwasyon namin ni Sensui ngayon. **"But if I'm going to get married, I will marry him. I can't think of anything lonelier that spending the rest of my life without him."**

Muli kong nilingon ang pamilya ko. Ngunit hindi gaya kanina ay mukhang hindi na sila namomroblema. Naging payapa na ang kanilang

hitsura, at kung hindi ako nagkakamali ay pare-pareho na silang lihim na nangingiti.

"Who is this guy anyway?" inis na angil ni Bitgaram. **"My cousin?"** ngumisi siya at doon tumama sa kaniya ang masama kong tingin.

"Isang maling salita mo laban sa kaniya ay tatamaan ka, Bitgaram," banta ko gamit ang pinakamalalim naming salita. Natawa siya.

Ang usapang iyon ay nahintong bigla nang magsipagdatingan ang aking mga kaibigan. Nangibabaw ang natural na ingay ni Naih sa paligid. Dahilan para maagaw ng mga paparating ang atensyon ng *Netjae*.

"Naku, may bisita yata ang mga Moon, 'te," dinig kong ani BJ.

"Ay, wow! Mukhang mga may lahi!" ani Naih. **"Halika, lapitan natin!"**

"May pogi, oh!" ani Migz.

Napapikit ako. At gusto kong sigawan ang kung sinumang bantay sa pinto kung bakit hinayaang pumasok ang mga ito.

"Hello, auntie!" nanlaki ang mga mata ko nang batiin ni BJ ang *Netjae*!

"BJ!" napatayo ako sa pagkabigla. Agad naman akong sinenyasan ng *Netjae* na maupo. Sa gano'ng paraan niya ipinarating na huwag kong ipaalam sa mga bagong dating ang katayuan niya sa buhay namin.

"Ay, ang taray ng outfit, 'te!" hindi makapaniwala sa nakikita si BJ. Ngunit mas hindi ako makapaniwala nang umikot siya sa kabuuan ng *Netjae* para lamang pagmasdan ang suot nito! **"Tingnan mo ang sequins, oh! Pwedeng isangla ang damit ng lola mo!"**

"BJ, please," naghuhurumintado ang dibdib ko.

"Saan ang sagala natin, auntie?" baling naman ni Migz.

Nasapo ko ang aking noo at tuluyan nang nahilo. Napaupo ako at napakapit pa sa aking kinauupuan. *Sino ba ang nagpapasok sa mga ito!* Gusto kong sumigaw, ngunit hindi iyon akma sa sandaling iyon.

"*Netjae*?" bigla ay umalingawngaw ang tinig ni Chairman Enrile, hindi makapaniwala sa nakikita. Agad siyang lumapit at nakipagbatian dito, maging kay Bitgaram. Ipinarating ang gulat dahil sa hindi inaasahang pagkikita.

"*Letse* raw, 'te," tatawa-tawang bulong ni BJ kay Migz.

"'Uy, manahimik na nga kayo, seryoso si Maxpein, oh?" ani Naih.

"Hala," nagbago ang tinig ni BJ. **"Anong eksena?"**

"Hello, Deib Lohr!" Napapitlag ako sa biglaang pagbati ni Bitgaram sa pinsan.

Gulat akong nag-angat ng tingin kay Deib Lohr na noon ay nalilitong pinag-isipan kung tatanggapin ang kamay ng kaharap. Inosente siyang sumulyap sa akin saka tumango kay Bitgaram, at tinanggap ang pakikipagkamay nito.

"I'm Bitgaram Lee," pakilala niya sa wikang Ingles.

"Deib Lohr Enrile," muling nakipagkamay si Sensui bago namulsa.

"I'll soon walk down the aisle with Maxpein," nakangising ani Bitgaram dahilan para mag-init ang tainga ko.

Napatitig si Sensui sa kaniya at tila inulit sa isip ang narinig mula rito. Mas napatitig pa siya at tila ba inaalam kung totoo ba ang sinasabi nito. At lalo pa siyang tumitig dito na tila ba binabasa kung seryoso nga ba ito.

Agad na natigilan ang mga nakarinig at gulat na napalingon lahat sa akin. **"Ano?"** sabay-sabay na singhal nina Migz, BJ, Naih, Yaz at Michiko.

"Ya," saway ni Maxwell kay Bitgaram, nag-aalalang nag-angat ng tingin kay Sensui bago umiling.

Nakita ko nang bahagyang mag-igting ang kaniyang panga saka mamanglaw ang mga mata. Napapalunok akong tumayo. **"Nice meeting you,"** kaswal na ani Sensui saka ngumiti.

Sinulyapan niya ako at halos mapako ako sa aking kinatatayuan dahil sa talim ng kaniyang tingin. Napapalunok akong nag-iwas ng tingin. Gusto kong dambahin at bugbugin na lang basta si Bitgaram.

"I'm the groom." Hindi inaasahan ng lahat ang sagot ni Sensui.

Dahan-dahan akong nag-angat ng tingin sa kaniya. Ngunit parang sasabog ang dibdib ko nang makita ko nang harapan kung paano niyang sinulyapan si Kimeniah. Iyong kitang-kita ko pa talaga!

"You're also getting married?" natatawang tugon ni Bitgaram, nakakaloko pang sumulyap sa akin saka tinapunan ng tingin si Kimeniah.

"Yes," natatawa rin kunyaring tugon ni Sensui.

Bigla akong nanlumo. At wala sa sariling sinugod siya at pinalo sa dibdib. **"With whom?"** matindi ang pagpipigil ko sa sarili.

Nagkibit ng balikat si Sensui. **"I can't say I do without you."**

Napatitig ako sa kaniya. Ang mga salitang iyon ay nagpaulit-ulit lang sa utak ko na tila ba nakalutang. Hindi ko magawang lunukin dahil masiyadong malalaki at mabibigat. Hindi ko maintindihan.

Halos mapaatras ako nang lumapit siya sa akin at hapitin ako papalapit sa kaniya. Hinalikan niya ang aking sentido saka siya bahagyang bumaba upang yakapin ako nang buong-buo.

"I'll be a good husband and you can only be as good as your taste, Maxpein," bulong niya dahilan para kilabutan ako bigla! Nararamdaman ko ang kaniyang labi at dila sa aking tainga. At kinakabahan ako sa katotohanang baka may makakita. **"Excuse us please,"** aniya na bigla na lang akong hinila!

"Woi, teka! Teka!" sinubukan kong pigilan siya ngunit hindi ako nanalo. **"Deib, sandali! Where are you taking me!"**

"Nainis ako bigla," tiim-bagang na aniya.

Hindi ko man nakikita ang kabuuan ng kaniyang mukha ay bumabakat ang malaking buto ng kaniyang panga. Hinila niya ako hanggang sa makarating kami sa elevator at hindi niya ako bitiwan, hindi siya nagsalita hangga't hindi kami nakakababa.

"Sino 'yong lalaking 'yon?" tanong niya habang tinatahak namin ang daan papunta sa kaniyang kwarto. Kung paano niyang mabilis na nakuha ang keycard sa bulsa ay hindi ko alam.

"Si Bit—"

"Nagpakilala siya sa 'kin, Maxpein," mariing aniya saka mabilis na pinadulas ang keycard sa pinto. **"Walang kasimpangit ang pangalan niya. Ang gusto kong malaman ay ano siya sa buhay mo, at kung bakit bigla siyang sumulpot?"**

"May...Ano, kinausap kami ng ikaapat na hukom," napapalunok kong tugon nang pabagsak niyang isara ang pinto.

Marahas niya akong binitiwan papaupo sa kama. At hindi ko na malaman ang magiging reaksyon habang pinapanood siyang hubarin isa-isa ang kaniyang suot.

Ano ang ginagawa niya?

"Ano 'yong sinasabi niya?" dagdag tanong niya.

Sa halip na makasagot agad ay napatitig ako sa mga kamay niyang tinatanggal na ang suot na belt. **"Alin?"** hindi ko na yata maititigil ang paglunok. **"A-Anong ginagawa mo?"** nag-angat ako ng tingin sa kaniyang mga mata. **"Sensui..."** Kinabahan agad ako.

Ang mga mata niya ay deretsong nakatingin sa akin. **"Balak ka niyang ilakad sa altar, tama ba ang dinig ko?"**

"Biro niya lang 'yon."

Ngumiwi siya. **"Kung gano'n ay katulad mo rin palang pangit magbiro iyon? Tch. Sa tingin niya ay magseselos ako kapag sinamahan ka niyang maglakad sa altar?"**

Gusto ko sanang magalit pero hindi ko na iyon magawa. Sadyang hindi ko na malaman kung ano ang mararamdaman. Maski yata inis ay hindi ko makukuhang maramdaman nang boxers na lang ang maiwan sa kaniyang katawan.

"Kung meron mang dapat magselos sa kaniya ay si More 'yon." Napaatras ako nang sumampa siya sa kama. **"Dahil ang lalaking nakakasama ng bride maglakad sa altar ay ang ama o lolo niya. Wala ako sa mga iyon, Taguro."**

"A-Ano ba kasi ang ginagawa mo?" nagpatuloy ako sa pag-atras dahil hindi siya humihinto sa marahang pagsugod sa akin.

"Ang lalaking pinakakasalan ay hindi iyong masasabayan kang maglakad sa altar, kundi iyong maghihintay sa 'yo sa dulo ng altar. Do you get my point, Taguro?"

"Yes," halos maduling ako sa pagtitig sa kaniyang mga mata. **"But...what are you doing?"**

"I want you to give yourself to me."

Napamaang ako. **"Ano?"**

Sa halip na sagutin ako ay pinadulas niya ang palad dahilan upang mahubad ang cover-up ko. Tumitig siya sa mga mata ko habang ibinababa ang zipper ng tank suit ko.

"Deib..." hinawakan ko ang kamay niya. Sa kaba ko ay hindi ko malaman kung tama pa ba ang naiisip ko. Dahil nakatatak na sa akin na anuman ang kaniyang gawin, basta bumalik siya sa akin, ay tatanggapin ko.

Naging matunog ang kaniyang paglunok habang marahang ibinababa ang tank suit. Namanglaw ang kanyang mga mata. Ang kaninang talim doon ay unti-unting nawala at napalitan nang nakakaakit na dating. Nakagat niya ang labi saka bahagyang ngumisi nang mahubad niya hanggang ang sa kalahati.

Marahang nangunot ang kaniyang noo nang unti-unti ay tuluyan niyang hubarin ang tank suit. Hindi ko malaman kung paano iyong nangyari. Ang katawan ko ay para niyang pag-aari, sumusunod sa kaniyang gusto.

Tumitig siya sa mga dibdib ko. At nasisiguro kong nang sandaling iyon ay ako ang pinakamapulang tao. Ang titig na iyon ay dahan-dahang bumaba hanggang sa pagmasdan niya ang kabuuan ko.

Lumuhod siya at humalukipkip sa harap ko. Saka niya pinaglaro ang hintuturo sa labi na para bang pinag-aaralan kung saan ako sisimulan.

Ngumisi siya bago tuluyang dumapa sa ibabaw ko. Nahugot ko ang hininga nang maramdaman ang bigat niya. Napapalunok akong tumitig sa kaniyang mga mata.

"I can't forget your flavor," bulong niya nang simulan akong halikan sa tainga.

Agad na bumilis ang aking paghinga. Sa t'wing mararamdaman ko ang labi niya at dila ay para bang gusto kong gawin niya iyon nang paulit-ulit. Iyong walang hinto.

"Anong gagawin mo?" napapapikit nang tanong ko.

"Gusto kong halikan at dilaan ang lahat ng parte ng katawan mo, Taguro," bulong niya, iyong eksakto lang na maririnig ko. Hindi ko nagawang sumagot. May kung anong parte ng pagkatao kong hinihintay rin iyon. **"Gusto kong halikan at dilaan ang parteng iyon ng pagkababae mo, hanggang sa hindi mo na malaman kung paanong mahihiga nang ayos."** Ang boses niya ay animong alak, nagagawa akong lasingin sa hindi malamang dahilan.

Hinalikan niya nang hinalikan ang labi ko nang may pananabik. **"No matter how painful and heartbreaking it was, I'm still in love with you, Maxpein..."** bulong niya na lalong nagdulot sa 'kin nang napakagandang pakiramdam. **"I love you..."** Dumiin nang dumiin ang halik niya at ginantihan ko iyon nang buong puso.

Ngunit ang labing iyon ay bumaba papunta sa tainga hanggang sa leeg ko. Naramdaman ko na ang makamandag niyang dila sa mga buto ko sa dibdib at marahang tinalunton ang aking tiyan. Hindi ko malaman kung papaano pa akong nakahihinga nang ayos. Dahil nang sandaling iyon, ang kakaibang sensasyong dulot ng ginagawa niya ay inalis na ang katinuan ko. Ang dila at mga labing iyon ay kinuha ang karapatan kong mag-isip nang tama.

Naramdaman ko ang maiinit niyang palad na pinaghihiwalay ang pareho kong hita. At halos mahugot ko ang aking hininga nang marating niya ang aking ibaba.

"Deib...!" impit ang pagtawag ko. Hindi siya papigil!

At talaga namang umarko ang katawan ko nang maramdaman ko siya doon! May kung ano sa parteng iyon na katawan kong nagmamakaawa kanina pang marating niya iyon. At hindi ko inaasahang nang sandaling marating niya iyon ay tuluyan na akong mababaliw.

"Who are you going to marry?" namamaos niyang tanong, pinapatay ako sa pambibitin! **"Me or my cousin?"**

"Please..." halos masugatan ko ang sarili kong labi. Naisabunot ko ang pareho kong palad sa kaniyang buhok nang muli siyang magpatuloy.

Halos mapasigaw ako nang maramdaman ko ang kaniyang dila na pinapasok ang kanina pang naghihintay na parte ng katawan ko. Ang magkahalong sakit at sarap ay mas pinabibilis ang pagkabog sa dibdib ko. At hindi niya iyon tinigilan, pabilis nang pabilis at palalim nang palalim. Nahigit ko ang magkabilang gilid ng bedsheet nang maramdaman ko ang kung bagay na iyon na tila kumukulo, nagpupumilit kumawala sa katawan ko.

Hindi ko maipaliwanag ang pakiramdam nang matapos. Ang paghahabol ng hininga habang nanginginig ang katawan at kinikilabutan ay bago sa akin.

Naramdaman ko nang marahan siyang pumatong sa akin at titigan ako nang deretso. Hinang-hina ako at halos ibuga ko ang hangin sa kaniya. Natauhan lang ako nang makitang nangingilid ang mga luha sa kaniyang mga mata.

"Babe..." sambit ko, nag-aalala.

"Please tell me you love me, babe."

"I love you..."

Naisubsob niya ang noo sa mukha ko. **"Ang tagal kong hinintay 'yan, Taguro...paano mo 'ko natitiis nang ganito?"**

Nakokonsensya kong pinahiran ang mga luha sa mga mata niya. **"I love you. I love you..."** Gusto kong maluha nang sa wakas ay magawa ko siyang yakapin nang mahigpit.

Napakatanga ko para makalimutan ang pinakamahahalagang salita na gustong marinig ng taong mahal ko.

"I love you, Deib Lohr..."

~ To Be Continued. . . ~

OceanofPDF.com

CHAPTER 240 : THE FINAL ENDING

CHAPTER 240 : THE FINAL ENDING
DEIB LOHR'S POV
"I LOVE YOU, Deib Lohr..."

Napatitig ako kay Maxpein nang may namamanglaw na tingin matapos niya iyong sabihin. Pakiramdam ko ay noon ko lang narinig ang mga salitang 'yon mula sa bibig ni Maxpein. Ang boses niya ang pinakamagandang musikang dumampi sa pandinig ko nang sandaling iyon. Walang katumbas na salita ang pakiramdam. Parang gusto na namang pumatak ng aking mga luha.

Bumagsak ang noo ko sa pisngi niya. Sa ganoong paraan ko siya niyakap nang pagkahigpit-higpit, ayaw ko nang kumawala. **"Nakalimutan mo?"** bulong ko.

Naramdaman ko nang matigilan siya, maging ang pag-iling niya. Pero hindi niya rin nagawang magsalita. Naisip ko tuloy na gusto niyang magsinungaling, itatangging nakalimutan niya iyong sabihin. Pero agad siyang nakonsensya kaya mas gustong magsabi na lang nang totoo.

"Nakalimutan mo," bahagya akong ngumuso.

"I'm sorry," sa wakas ay nasabi niya.

Kakatwang pinangiliran ako ng luha pero ang nakakalokong tawa ay hindi ko napigilang pakawalan. **"Ang lakas ng loob mong mag-demand sa atensyon ko,"** hinalikan ko ang pisngi niya saka isinubsob doon ang mukha ko. **"Alam mong 'yan lang ang gusto ko bukod sa halik mo, Taguro. 'Yan ang hinihintay ng pandinig ko. 'Yan ang inaabangan ng puso ko."**

Matapos kong sabihin 'yon ay niyakap niya ako nang mahigpit. Ramdam ko ang panginginig, pagmamahal, maging ang konsensya niya yata ay naramdaman ko na. Nakakatuwa.

"I'm sorry, babe," emosyonal niyang sinabi. **"I'm so sorry."**

"I forgive you."

"I love you, babe," muling sinabi niya dahilan para mas humigpit pa ang pagkakayakap ko.

"I love you, too. I love you." Paulit-ulit kong dinampian ng halik ang bawat parte ng kaniyang mukha na maabutan ng labi ko. **"'Wag mo na uli akong iiwan, Taguro. Hindi ko na talaga kaya."**

Naramdaman ko nang tumango siya. **"Ngayon lang ako mangangako sa 'yo, hindi na 'ko lalayo sa tabi mo."**

Madamdamin man ay napangiti ako. At hindi kapani-paniwalang may kung ano sa akin na naniniwala sa kaniya. May nagbubulong sa 'kin na magtiwala. At noon lang ako hindi nakaramdam ng kaba sa salitang binitiwan niya. Dahil sa sandaling iyon, nararamdaman kong hindi na talaga siya lalayo pa.

"Akala ko ay hindi mo na talaga ako mahal." Sa tinig niya ay batid kong maiiyak na siya.

"Sinabi ko na sa 'yong mahal pa rin kita."

"Napakasungit mo kasi, hindi naman bagay sa 'yo," nagmamaktol siya.

Gusto kong matawa. **"Dahil nasaktan talaga ako, Taguro. Masakit 'yong pinagdaanan ko, pasensya."** Hinalikan ko ang gilid ng labi niya. Tuloy ay naramdaman ko nang ngumiwi siya.

"Kung hindi pa yata dumating si Bitgaram ay titiisin mo pa rin ako."

Lintik na pangalan! **"Tch,"** inis akong humiwalay na siyang ikinagulat niya. Bakas sa mukha niya ang gulat. **"What?"**

"Nagsusungit ka na naman."

"Napakahilig mo kasing magsingit ng ibang tao sa ganito kaseryosong usapan. Naiinis na naman ako," singhal ko.

Ngunit bigla ay umiral ang kapilyuhan ko nang dahil sa mga huling salitang sinabi ko. Ang inis ko ay bigla ring nawala. At imbes na galit ay nakakalokong ngiti ang rumehistro sa aking mukha. Iyon din kasi ang naramdaman at sinabi ko kanina kaya kami humantong sa napakagandang sitwasyong ito.

Lalo pa akong napangisi, at halos mapahalakhak ako, nang maisip kung gaano siyang kasarap at kabango. Mukhang may bagong kaaadikan ako.

Mukhang hindi niya ako nahalata. Ngumuso siya at ang lakas ng loob sumiring. **"Totoo naman."** Nag-iwas siya ng tingin. **"Tss. Ang sabi mo no'ng birthday ni Tob ay hinihintay mo lang akong maging handa na**

makita kang mag-asawa. Talagang kailangang magselos ka muna, eh, 'no?"

Nanunumbat? Wow. **"Hindi naman ako nagseselos,"** kaswal kong sabi.

"Ah, talaga?" sarkastikong aniya, hindi na ako sumagot. At sa halip ay tumitig ako sa kaniya dahilan para bahagya siyang mailang. Tinakpan niya nang todo ang sariling katawan, nakangiwi akong umiling. **"Si Bitgaram nga pala..."**

"Talagang hindi siya mawala sa isip mo, Taguro?"

"Ano?" angil niya. **"Hindi, 'no!"**

"Hindi siya mawala sa isip mo?" nanlalaki ang mga matang singhal ko.

"Tsk! Ibig kong sabihin ay hindi ko siya iniisip!"

"Eh, bakit panay ang banggit mo?"

"Dahil may sasabihin ako!"

"Okay," bumuntong-hininga na lang ako. **"What?"**

"Si Bitgaram—"

"Alam ko." Sinamaan ko siya ng tingin bago pa siya makapagpatuloy sa sinasabi. *Tch! Kailangan ba talaga naming pag-usapan ang nilalang na 'yon?*

"Anong alam mo?" mataray niyang tanong.

"Alam ko na ang sasabihin mo."

"Oh, sige, ano?" hamon niya. Hindi ako kumibo. **"Alam mong pinsan mo siya?"** nagugulat niyang tanong, nakanguso.

"Alam kong hindi ko siya pinsan," pagtatama ko, saka ako nag-iwas ng tingin. Pero muli ko siyang tiningnan nang hindi niya ako sagutin. **"What?"**

"Tss." Sinungitan niya rin ang pagsusungit ko. **"How did you know?"**

"Kay Chairman, kanino pa ba?" nagkibit-balikat ako.

Nakangiwi siyang umilag, hindi naniniwala. **"Tsismoso ka nga pala,"** tatangu-tangong aniya.

"Ano?" angil ko.

"Joke," tumawa siya at ninakawan ako ng halik.

"Tch. Sinabi ko naman na sa 'yo na sinabi ni Chairman ang lahat sa akin."

"Lahat?" naniniguro niyang tanong, hindi kumbinsido.

Napabuntong-hininga ako. **"Lahat ng nalalaman niya, siguro, hindi ako sigurado. Panigurado namang may mga bagay na tungkol sa inyong hindi niya alam."**

"Kilala mo na rin ang ikaapat na hukom kung gano'n?" nagugulat pa ring tanong niya.

Tumango ako. **"Ilang beses ko na siyang nakita. Nagkausap na rin kami noon sa North Korea, hindi nga lang gano'n kalalim."** Itinukod ko ang siko sa kama at tinitigan siya nang deretso.

"Ano pang alam mo bukod do'n?"

"Kakambal siya ni lola." Bumuntong-hininga ako at tumingala. Hindi siya sumagot. Matagal na katahimikan ang nangibabaw sa 'min. **"Magkakaroon din lang ako ng karibal ay iyong lolo ko pa."** Saka ko siya muling sinulyapan, nanunuya. **"Hindi ka man lang ba nahihiya? Nasa'n ang taste mo, Maxpein?"**

Pinandilatan niya ako. **"Anong karibal? Excuse me!"**

"Tch." Sinamaan ko siya ng tingin saka kinuha ang pareho niyang braso. Ikinawit ko ang mga 'yon sa batok ko. Gusto kong makulong sa yakap ni Taguro. Hindi niya alam kung gaano katagal akong nanabik do'n. Gano'n na lang ang tuwa ko nang pagbigyan niya ako. Naramdaman ko rin ang pananabik nang mahigpit niya akong yakapin.

Maraming naikwento sa 'kin ang Chairman. Isa sa mga naibahagi niya ang tungkol sa *Netjae*, nang baguhin nito ang desisyon tungkol sa parusa kay Maxpein. Hindi ko malaman kung ano ang mararamdaman ko no'n. Dahil maging ang pagbuo ng gano'ng batas sa bansa nila ay nalaman kong may kinalaman sa lola ko. Nakakaloko. Pakiramdam ko nang mga sandaling 'yon ay kasalanan ko kung bakit niya sinapit 'yon. Kahit na ang totoo ay wala ako ni katiting na kinalaman doon. Hindi ko iyon matanggap noon pero wala naman akong magawa kahit ano pa ang maramdaman ko. Nang mga sandaling 'yon pakiramdam ko ay talagang mababaliw na ako. Hindi talaga kinaya ng katawan ko ang sangkatutak na isipin. Bumigay ang katawan ko, nalason ang utak ko. Tuloy ay nauwi sa depresyon ang patong-patong na problemang dumating sa 'kin. Bukod kasi sa hindi ko iyon masolusyunan, hindi ako makalayo kahit paulit-ulit ko iyong takbuhan.

Ang totoo ay hindi ako nagtanong, hindi ako nag-usisa. Kusang nagkwento ang Chairman. At nabanggit niya sa akin na ang *Netjae* o ikaapat na hukom ay kakambal ng aking lola. Gusto kong magtaka dahil hindi gano'n kalaki ang pagkakahawig nila. Bagaman may ilang pagkakapareho gaya na lang ng mata, kilos at pananalita. Pero bukod do'n ay wala na akong ibang makita.

Nabanggit din sa akin ng Chairman na maaga siyang nakapag-asawa. Idinahilan niya ang maaga ring pag-aasawa si Lolo Dei Min. Gano'n din sina mommy't daddy. Kaya naman hindi ko na raw dapat ipagtaka kung bakit gano'n lang ang edad ng anak ng *Netjae*, na hindi niya nabanggit na may pangalang Bitgaram. Si Bitgaram Lee na kung tutuusin ay apo na ako.

Mas matanda pa rin si Bitgaram sa akin ng anim na taon. Pero kung pagtatabihin kami, hindi ko maitatangging mapagkakamalan kaming halos magkaedad lang. Iyon nga lang, kung hitsura ang pagbabasehan, hindi ako makapapayag na lumamang siya nang kahit na iisang pulgada. Dahil napakalayo ng aming hitsura, napakalaki rin ng lamang ko sa kaniya.

Sa pangalan pa lang. Tch!

"Sa bansang ito ay magpinsan kayo. Pinsan mo si Bitgaram," ani Maxpein sa gitna ng pananahimik ko. **"At wala na kayong ibang koneksyon bukod doon."** Napabuntong-hininga lang ako sa sinabi niya. Bakas kasi ang pag-uutos sa kaniyang tono. **"Ang *Netjae* ay lola mo, at wala kang itatawag sa kaniya kung hindi lola. Bukod doon ay wala na. Wala ka nang ibang nalalaman."** Nilingon ko siya at pinagkunutan ng noo. **"Kailangan naming ingatan ang hukom, sana ay maintindihan mo. Gano'n din si Bitgaram, importante rin siyang tao sa bansa namin dahil anak siya ng *Netjae*."** Seryoso ang pananalita niya at nasisiguro kong sa sandaling iyon ay may malalim na namang dahilan iyon. Syempre, hindi mawawala sa mga batas nila 'yon.

Tumango ako at bumuntong-hininga. **"Walang problema."** Nilingon ko siya. Ngumiti siya sa akin nang pagkatamis-tamis, napangiwi ako. **"Wala rin naman akong pakialam sa kaniya. Tch."**

"Lola mo 'yon!"

"'Yong lalaki mo ang tinutukoy ko."

"Ako ba talaga ang nanlalalaki?" mataray niyang tanong.

Sumama ang mukha ko. **"Hindi ako bakla."**

"Hindi 'yon ang ibig kong sabihin," sinamaan niya rin ako ng tingin. **"Hindi ba't ikaw ang may babae?"**

"Si mommy lang," kaswal kong tugon.

"Si Kimeniah!"

"Asa." Gusto kong matawa.

"'Sus! Kunyari ka pa."

"Ipilit mo pa, Taguro."

"Totoo naman." Ang masamang mukha niya ay nahaluan ng lungkot at selos. **"Alam kong babakuran ka no'n oras na mawala ako."**

"May sarili akong bakod, Taguro," sinugod ko ang mukha niya. **"At matibay ang bakod ko, hindi matitibag nang kahit anong bagyo. Tch."**

Sa halip na sumagot ay nginusuhan niya lang ako. Muli akong tumitig sa mga mata niya hanggang sa bumaba iyon sa kaniyang mga labi. Nang hindi siya magsalita ay muli ko siyang siniil ng halik. Ngunit hindi iyon nagtagal dahil may kung anong ritmo ang mga labi ko. Kusa iyong gumagapang sa iba't ibang parte ng mukha at leeg ni Taguro. At tila kuryente ang naramdaman ko nang impit siyang mapaungol. Aaminin kong ang ungol ni Taguro ay may kakaibang epekto sa 'kin, nababaliw ako. Kaya kailangan kong huminto.

Nakangiti siyang tumitig sa mga mata ko. **"Deib..."** pagtawag niya. Hindi naman ako sumagot. **"Deib?"** Sinalubong niya ang tingin ko, tinitigan ko lang siya. **"Woi...Deib!"** Napabuntong-hininga ako sa halip na sumagot. **"Woi, ano ba?"**

"Ano?" kunot-noo kong tugon.

"Bakit hindi ka sumasagot?"

"What?"

"Anong what? Deib ako nang Deib... Tss."

"'Yon na nga, Deib ka nang Deib, alam mo namang babe."

"Tss." Natatawa siyang nag-iwas ng tingin. **"Ano'ng ginawa mo no'ng mga sandaling wala ako?"** seryoso niyang tanong, pinagmamasdan ang bawat anggulo ng mukha ko.

"Naghihintay sa 'yo," kaswal kong sagot. Hindi ko inaasahang hahapitin niya ang mukha ko at kusa akong hahalikan. Gustong-gusto ko 'yon.

"Babe..." pagtawag niya. Ngunit sa sandaling iyon ay hiniling kong sana ay iniungol niya na rin 'yon.

Napabuntong-hininga ako. **"Mm?"** tugon ko, hindi mahinto ang bibig sa ginagawa.

"Ang bigat mo," nahihirapang aniya.

"Gusto kong gumalaw sa ibabaw mo," nakangising bulong ko. Pinalo niya ang braso ko.

"Manyakis," muling bulong niya, tumatanggi kunyari. Pero ang kamay ay hindi maalis sa batok ko, lalo akong idinidiin.

Panay ang reklamo, nagpapamanyak naman. Tch.

Inis akong bumangon at walang salitang pumasok sa banyo. Napapabuntong-hininga kong binuksan ang gripo sa bath tub. Nakatulala kong pinanood na tumaas ang tubig doon. At nang mangalahati ay saka ko iminudmod ang napakabangong liquid soap. Naisip kong kung may bulaklak lang sana ako ay ikakalat ko iyon para matuwa si Maxpein.

Hindi niya inaasahan nang pagbalik ko ay bigla ko siyang bubuhatin habang nakatabing pa rin niya ng kumot. Gusto kong matawa dahil panay ang pagkawag niya sa paraang hindi naman ako matitinag. Iyong tipo bang nagpupumiglas siya pero hindi ako mahihirapang buhatin siya. Nagpapa-cute.

"Ano ba, ibaba mo nga ako!" angil niya. **"Saan mo na naman ba ako dadalhin!"**

"Tch."

"Ano ba!"

"'Wag kang mag-alala dahil kung may gagawin ako sa 'yong kakaiba ay hindi na kita aalisin pa sa kama."

"Saan mo nga ako dadalhin!"

"Sa sofa."

"Ano!"

"Tch. Sa banyo. Maliligo ka."

"Ibaba mo 'ko!"

Hindi ko siya pinansin. At sa halip ay ipinasok ko siya sa banyo at doon ay marahang itinayo. Saka ko hinila ang kumot na nakatabing sa kaniya. Dahilan para mapahiyaw siya sa gulat at hiya.

"Pwede bang 'wag kang maingay?" inis kong angil. Napasulyap ako sa malulusog na dibdib niya, at halos makagat ko ang gilid ng labi ko upang maiwasang mapangiti.

Aligaga niyang naitabing ang parehong kamay sa maseselang parte ng katawan. Hindi malaman kung alin ang unang tatakpan. Pinamulahan siya sa sobrang hiya. At hindi na malaman kung ano ang mababasa sa kaniyang mukha, galit, hiya o ang kagustuhang manakit.

"Napakamanyak mo! Kaya kong maligong mag-isa!" nagkandautal-utal niyang sabi.

"I know, Maxpein."

"Bakit mo pa 'ko binuhat papunta rito! Nakahubad ako!" naghihisterya niyang singhal. Nasisiguro kong sa gano'ng sitwasyon niya, anumang madapuan ng kaniyang kamay ay paniguradong lilipad sa akin.

Kunot-noo ko siyang nilingon. *Alam ko dahil ako ang naghubad ng suot mo. Tch.* **"Bakit hindi ka pa lumusong sa tub kung gano'n?"** nakataas ang kilay kong sabi. Saka ko sinuyod ng tingin ang kabuuan niya. **"Gusto mo ba talagang tinititigan kita?"**

"....." Hindi siya nakasagot. Dali-dali siyang lumusong at ibinabad ang sarili sa tub. Aligaga naman akong umalalay, natakot na baka siya madulas. Napangiwi na lang ako nang maalalang si Taguro nga pala iyon. Bago pa siya madulas ay baka kung ano-anong akrobatik na ang ginawa niya sa bawat kanto ng banyo.

Tch.

At dahil mababaw pa ang tubig ay lumilitaw pa rin ang bungad ng kaniyang dibdib. Wala sa sarili kong nakagat ang sarili kong labi. Nanliliit ang mga mata ko habang pinagmamasdan ang nakalitaw niyang kawatan. Hindi ko naiwasang mapangisi lalo nang mahuli niya ako. Awtomatiko akong nag-iwas ng tingin.

"Nakakainis ka!" tinalamsikan niya ako ng tubig.

Kunot-noo ko siyang tiningnan. **"Tigilan mo 'yan,"** banta ko. Pero gusto ko na namang matawa nang makita ang kaniyang pamumula. **"Maligo ka na."**

"Lumabas ka na!"

"Sasamahan na kita."

"At bakit?" mataray, nangunguwestiyong singhal niya.

Ngumiwi ako. **"Baka umiyak ka, eh."**

Nanlaki ang mga mata niya. **"At bakit ako iiyak?"** nautal siya sa huli, tila ba nakuha ang laman ng aking isip.

"Syempre," ngumisi ako. **"Wala ka nang kawala sa 'kin."**

Matagal bago siya nakasagot. **"Sino naman ang may sabing gusto kong makawala sa 'yo?"**

"Wala naman akong sinabing gano'n. Iba ang ibig kong sabihin."

"Oh, eh, ano nga 'yon?"

"Dahil nakuha na kita, Taguro, iyon 'yon," nakangiwi kong sabi, nagyayabang.

"A-Anong nakuha! H-Hindi pa!"

Gumuhit ang nakakalokong ngisi sa labi ko. **"Dahil may susunod pa?"**

"Anak ka ng..." Sinamaan niya ako ng tingin. Pero ang pamumula niya ay hindi nawawala.

Lalo pa akong ngumisi saka naupo sa gilid ng tub at tumunghay sa kaniya. **"Sinabi mo nga palang hindi ka na makapaghintay na ibigay ang sarili mo sa 'kin, 'no? Kailan mo gusto? Paghahandaan ko."** Umasta akong nag-eehersisyo ng dibdib at mga braso.

Inipon niya ang mga bula at ipinantakip 'yon sa bandang dibdib niya. **"Manyakis,"** pabulong niyang singhal, masamang-masama ang tingin.

Inihawak ko ang magkabila kong kamay sa parehong gilid ng tub saka ako yumuko sa kaniya. Pinadausdos niya ang sarili nang magsimula akong ilapit ang mukha ko. Pero sa sobrang bagal niya ay nagpang-abot ang labi naming dalawa. Nang mahuli ko ang labi niya ay agad kong sinipsip at hinila 'yon. Natawa ako.

"Ano ba!" angil niya sabay iwas. **"Manyakis ka!"**

"Ano naman ang itatawag ko sa 'yo?" hindi mawala ang ngisi sa mukha ko. Nagpanggap akong nag-iisip. Kinuha ko ang kaniyang kamay, at hinalikan iyon bago niya pa maagaw. **"Ano ba ang maitatawag sa babaeng gustong-gusto ang pabor na ginawa ko?"**

"Shut up!" angil niya. **"Shut up! Shut up! Shut up! Shut the fuck up!"** banta niya nang sumubok akong magsalita, hiyang-hiya. **"Lumabas ka na! Kaya kong maligong mag-isa!"**

"Hindi naman kwestiyonable 'yon. Ilang taon ka nang naliligong mag-isa. But this time, I want to stay here and watch you. I want to stare at you."

"Labas sabi!" muli niya akong tinalamsikan ng tubig.

"Isa pa," banta ko, nakaduro sa kaniya. **"Isa pa, Taguro, sasabayan kita."** Natigilan siya at dumausdos pa lalo paibaba, halos ilubog sa tubig ang sarili.

Bumuntong-hininga ako at inalis ang kapilyuhan sa isip. Pinanood ko siya dahilan para lalo siyang mailang. Hindi niya malaman kung saan titingin. Hindi niya rin magawang kumilos na animong natatakot na makita ko ang anumang parte ng katawan niya. Yakap niya ang sarili na para bang iyon na ang pinakamatibay na proteksyon.

"What's your favorite dish, Maxpein?" bigla ay tanong ko.

Sumama agad ang tingin niya. **"Ano na naman ang iniisip mo?"**

Sumeryoso ako kunyari, nagsusungit. **"I'm just asking you."**

"Alam mong fried chicken ang paborito ko," mataray niyang tugon.

Nagkibit-balikat ako. **"Ang paborito ko, alam mo?"**

"Beef steak!" nagmamalaking sagot niya. **"Mukha ka na ngang baka, eh."**

Napahalakhak ako na ikinainis niya. **"Umiwas na ako sa karne, para na 'yon sa mga babae."**

"Ano? Bakit?" hindi niya nakuha ang biro ko. Masama pa rin ang timbre ng boses niya. Animong naghahamon, nagbabanta, at handang sumugod oras na hindi magustuhan ang isasagot ko.

Ang pilyo kong isip ay inihahalintulad talaga si Taguro sa fresh na tahong. Palibahasa'y galing din siya sa dagat kanina bago mangyari ang nangyari. *Iiwasan ko na ang hotdog, para 'yon kay Taguro. Hehehe.*

"Seafoods na ang gusto ko. Iyong itim na itim ang shell. Iyong mahigpit ang kapit, nang-iipit. Iyong fresh, mamasa-masa." Tumayo ako matapos sabihin 'yon dahil inaasahan ko nang babasain niya na naman ako. Hindi ako nagkamali. At halos mapaiwas ako nang abutin niya ang bath soap at akmang ibabato ' yon sa 'kin. **"Iyong sariwang-sariwa, at lumalabas ang katas habang kinakain."**

"Galing sa dagat tapos may katas, ano 'yon, prutas?!" dinuro niya 'ko. **"Lumabas ka na, Deib Lohr Enrile! Hindi mo talaga magugustuhan ang gagawin ko sa 'yo!"**

Lumabi ako. **"Gawin mo na muna. Malay mo magustuhan ko."**

Lalo siyang nanggigil sa galit! Lalo naman akong natawa. **"Lumabas ka na!"**

"I'll wait for you outside, babe," nakangisi kong sabi, pinagkadiinan ang huli dahil gusto ko siyang kiligin. Pero nabigo ako. Ako yata ang higit na nakaramdam ng saya.

"Labas!" asik niya.

"Gusto pa kitang halikan," malambing kong sabi.

"'Wag na!"

"Isa lang."

"Isa!" bilang niya.

"Sige, dalawa na lang."

"Dalawa!"

"Okay, tatlo," ngumisi lalo ako. **"Maluho ka na rin ngayon, ah?"** Inginuso ko ang labi ko.

"Wala ka talagang takot, ah!" iniamba niya ang bath soap sa 'kin. **"Magaling akong umasinta, magsisisi ka talaga."**

Ngumisi ako. **"'Wag naman. Bubuo pa tayo ng pamilya, babe—"** Doon ko na hindi natapos ang sasabihin dahil talagang ibinato niya na ang bath soap sa akin. Sa lakas ng kalabog niyon sa pinto ay nasisiguro kong galit nga talaga si Taguro.

Tatawa-tawa ako sa pagmamadaling lumabas. Iyon na ang pinakamasarap na pakiramdam na naglagi sa dibdib ko sa mga nagdaang taon. Pakiramdam ko ay nagawang burahin ng sandaling iyon ang lahat ng pagkakamaling nangyari sa buhay ko. Sa isang iglap ay nagawa niyang pagliwanagan ang nagdilim kong mundo. Iyon si Taguro. Iyon ang katayuan at papel niya sa buhay ko.

Dumapo ang paningin ko sa side table kung saan nakapatong ang gamot na ibinigay ni Kim. Napangisi ako matapos maisip na hindi ko na kakailanganin ulit iyon, kailanman. Pero bago pa ako magawang baliwin ng masarap na pakiramdam ay uminom na ako ng gamot. Hindi ko pwedeng idahilan sa doktor ko ang isang Taguro kapag nalaman nitong pumalya ako sa pag-inom dahil sa sarili kong desisyon.

Hanggang sa paglapit sa cabinet ay nakangisi pa rin ako. Sadyang kakaiba ang epekto ng babaeng 'yon sa akin. Kaya niyang iparamdam sa akin ang matinding pagmamahal, matinding sakit, matinding lungkot, matinding saya, matinding kilig, at matinding...

Nakagat ko ang labi ko sa sobrang pagkakangisi. *Bwahahaha, Deib Lohr...Deib Lohr...Deib Lohr...tsk tsk tsk!*

Naghanap ako ng damit na maaaring gamitin ni Maxpein. Naglabas ako ng itim na polo. Muli pang napangisi nang makitang wala na akong maipapasuot sa kaniya bukod do'n. At halos mapahalakhak ako sa isiping hindi ko siya pwedeng palabasin sa kwartong ito nang iyon lang ang suot. Mababaliw ako.

Dumaan at tumakbo ang sandali, nababagot na ako kauupo. Kung pwede lang sanang sabayan ko siya ay ginawa ko na. Pero nag-aalala ako na baka hindi ko na ako makapagpigil pa. Hindi lang tukso ang makita ang katawan niya at madikitan. Isa iyong pag-aagaw-buhay.

Makalipas ang kalahating oras ay lumabas si Maxpein nang nakaroba. Nakangiwi kong pinasadahan ng tingin ang kabuuan niya. At nangunot ang noo ko nang makitang hawak niya pa rin ang bath soap!

"Saan mo nakuha 'yan?" inis kong inginuso ang roba.

"Lahat ng kwarto dito ay may bath robe. Hindi lang isa kundi labinlima," maangas niyang sagot na para bang nakalimutan kong sila ang

nagmamay-ari ng buong gusali.

"Bakit mo pa isinuot?"

"Alangang lumabas akong nakahubad?"

Sa halip na sumagot ay ngumisi ako. Hindi ako makapaniwalang may pagka-slow na siya ngayon. Hindi niya agad nakuha ang ibig kong sabihin, maging nang nakakaloko kong ngiti. Ngunit nang maintindihan niya 'yon kalaunan ay maangas siyang tumayo. Deretso siyang tumitig sa akin na para bang pinagpaplanuhan na kung paano akong hahagupitin.

Napabuntong-hininga ako. **"Hanggang tingin na nga lang ako. Napakadamot mo,"**seryoso kong sinabi.

"Hanggang tingin? Hanggang tingin? Hanggang tingin?!" Nagugulat niya akong tinitigan, pinanlalakihan ng mga mata. **"Tumabi ka! Baka magdilim ang paningin ko't samain ka,"** banta niya.

"Maliligo ako, hintayin mo 'ko."

"Maligo kang mag-isa!"

"Gano'n na nga," napahalakhak ako. **"Sinabi ko bang sumama ka?"**

"Ano!"

"Ayos lang sa 'kin." Kinalas ko ang pagkakabuhol ng tali ng suot kong roba. Bumungad ang katawan ko sa kaniya.

"Hindi ka titigil?" napipikong aniya.

"What?" pinagkunutan ko siya ng noo, nagpapanggap na galit. **"Ang sabi ko ay hintayin mo ako. Para sabay na tayong bumaba. Ikaw lang 'tong nag-iisip na isasama pa kita sa pagligo."**

"Kaya kong bumaba nang mag-isa!"

"I know. Calm down, will you?" lumapit ko at hinawakan ang magkabilang balikat niya. **"'Wag ka nang magalit, kung ayaw mong isipin kong gusto mo nang makita si Bitgaram."**

"Excuse me! Bitiwan mo 'ko!"

"Sinusungitan mo ba ako, Taguro?" sumeryoso ako, magkakrus ang brasong hinarap siya.

Ang masamang tingin niya ay unti-unting napalitan ng kaba. **"Nakakainis ka kasi, eh! Nahihiya ako sa ginagawa mo. Napakamanyak mo."** Seryoso niyang maktol, nakanguso. **"'Tsaka 'wag mo nga akong maitukso-tukso ke' Garam?"**

Inis akong suminghal. **"Talagang may endearment pa kayo?"**

"Nasa'n naman ang endearment do'n?"

"Saan mo nakuha ang Garam?"

"Palayaw niya 'yon!"

"Napakapangit."

"Masiyado kang mapanlait!"

"Ang pagsasabi nang totoo ay panlalait na ngayon sa iyo, Taguro? Nakakapanibago." Sarkastiko akong tumango-tango ngunit seryoso. Saka ko pinagkrus ang aking mga braso. **"Mukhang espesyal si Bitgaram sa 'yo, para makipagtalo ka sa 'kin nang ganito. Hindi pa man tayo nagkakaayos, nag-aaway na naman tayo."**

"Kasalanan mo."

Napamaang ako. **"Okay."**

Alam kong hindi na lalalim pa ro'n ang pagtatalong 'yon. Sadyang masarap lang siyang asarin, at nasa mood akong mang-asar ngayon. Bagaman hindi ko naman ugaling mang-asar talaga.

Seriously, Deib Lohr?

Nakangisi akong pumasok sa banyo, nakangisi pa rin ako hanggang sa pagligo. At nawala lang iyon nang makalabas ako. Matapos makitang bihis na bihis na si Taguro.

"Saan mo kinuha 'yang damit mo?" tanong ko habang nagtutuyo ng buhok.

Suot ko ang roba ko. Habang siya naman ay nakakaswal nang summer dress. Bulaklakin iyon, walang manggas, may kaluwagan at kulay krema. Maganda na sana kung hindi lang sobrang lalim ng dibdib.

"Nahihilig ka sa pagsusuot ng ganiyan," sabi ko matapos tumalikod sa kaniya. Lumapit ako sa cabinet at namili ng isusuot.

"What?" pagtataray niya.

"Masiyado ka nang sexy manamit," napabuntong-hininga ako. **"Meron ka bang inaakit?"**

"Ikaw!"

Sarkastiko akong ngumisi saka bumaling sa kaniya habang nagsusuot ng pants. **"Kahit balot na balot ka ay naaakit ako, Maxpein,"** pinagkadiinan ko ang pangalan niya upang iparamdam na naaasar ako.

Hinubad at itinapon ko sa kama ang roba. Nakita ko kung paano siyang natitigilang tumitig sa pang-itaas kong katawan. Bahagya pang tumabingi ang kaniyang ulo. At halos habulin niya ang nakikita nang unti-unti kong isara ang polo. Nanunuya siyang nag-angat ng tingin sa 'kin. At namula nang makitang nakatingin na ako sa kaniya.

"Bukod sa 'kin, sinong inaakit mo?" tanong ko habang nagsusuot ng relo.

"Wala, 'no!"

"Saan ka kumuha ng damit?" pinagkunutan ko siya, hindi naman siya sumagot. Bumaling ako sa cabinet at sandaling natigilan matapos makita ang kahita. Napabuntong-hininga ako saka pasimple iyong ibinulsa. **"'Wag mo sabihing lumabas ka nang nakaroba?"** pinandilatan ko siya.

Nakangisi siyang tumango. **"Wala namang nakakita."**

"Nang wala kang suot sa loob?" naglakad ako papalapit sa kaniya.

"Ano'ng problema? Wala namang nakakita."

"Ah..." nagtiim ang bagang ko.

"What's your problem?" pagtataray pa rin niya. **"Ang mahalaga ay bihis na 'ko."** Saka niya ako inismiran. **"Ang dami mong angil diyan, eh, ikaw naman 'tong naghuhubad ng damit ko. Ikaw ang dahilan kung bakit nangyari lahat 'to."**

Humakbang ako papalapit sa kaniya, umatras siya nang umatras hanggang sa mapasandal siya sa mesa. At saka ko ipinangkol ang pareho kong kamay doon dahilan para hindi siya makawala.

"Ano na naman ba?" halos magkandautal-utal siya. Halatang gustong manigaw pero hindi magawa.

Pero sa halip na magsalita ay tumitig ako sa mga mata niya. 'Ayun na naman siya at pinaghahalo-halo ang nararamdaman ko. At kahit ayaw ko ay naramdaman ko na naman ang lungkot na paulit-ulit kong tinatakbuhan. Hindi ko malaman kung bakit. Hanggang ngayon ay hindi ko malaman ang pinanggagalingan ng lungkot na 'yon.

Naramdaman ko nang lumamlam ang mga mata ko sa pagkakatitig sa kaniya. Ang mga paningin ko ay isa-isang tiningnan ang bawat parte ng kaniyang mukha.

Pakiramdam ko ay noon ko lang nakita kung gaano siyang kakinis. Walang maipipintas sa kaniyang kutis. Para iyong kumikinang at natural ang pamumula.

Dumapo ang paningin ko sa labi niya. Wala iyong kahit na anong kolorete. Sadyang perpekto lang ang kulay kaya kahanga-hanganging tingnan. Isa iyon sa asset niya. Ang mapula niyang labi na napakasarap halikan.

"Woi..." nauutal niya pa ring sambit.

Pero sa halip na magsalita ay hinawakan ko siya sa pisngi 'tsaka siniil ng halik. Tila hinaplos ang puso ko nang maramdaman ko siyang gumanti. Sa gano'ng bagay ay napapatunayan kong mahal niya pa talaga ako. At gusto kong ipagmalaki iyon sa mundo. Ang kaso, siya ang mundo ko. At alam niya na 'yon.

Umiral na naman ang kapilyuhan ko nang ang mababaw na halikan ay palalimin ko. Nangunot ang noo ko, halos sisirin ko ang kaniyang bibig, ngunit nandoon ang matindi kong pagpipigil. Pakiramdam ko ay gusto ko na namang halikan ang buong katawan ni Taguro. Hindi mawala sa isip ko ang mabango niyang amoy. At kusa akong napangisi nang maalala ko kung gaano siyang kalinis doon.

"Gusto kong mag-jetski, Taguro," bulong ko matapos humiwalay sa labi niya. Ngunit nang hindi maalis do'n ang aking paningin ay muli ko siyang siniil ng halik. Nangungunot ang noo ko sa pagpipigil. Gusto ko siyang halikan nang mariin pero natatakot pa ako. Pakiramdam ko ay hindi niya na 'yon magugustuhan.

"Meron kang trabaho," humiwalay rin siya sandali dahilan para bigla akong mapangiti. **"At 'yon ang ipinunta mo dito,"** mariin niyang sabi.

Ikinawit niya ang braso sa leeg ko dahilan para lalo akong mapalapit sa kaniya. Dahilan para mas maramdaman namin ang labi at katawan ng isa't isa.

Muli akong kumalas sa labi niya. **"'Yong ginawa ko kanina..."** bulong ko saka sinipsip at siniil ang pang-ibabang labi niya. **"Masarap ba?"** namamaos na bulong ko.

Bigla ay itinulak niya ako papalayo! Tuloy ay natawa ako. Pinahiran ko ang labi ko saka ako nagpigil ng nakakalokong ngisi.

Nagtiim ang bagang niya. Masama ang tingin at dinuro ako nang may nanginginig pang kamay. Ngunit wala siyang nasabi. Hindi niya makuhang magalit nang lubos. Dahil ang pamumula ng kaniyang pisngi ay tinatraydor siya. Tuloy ay lalo akong natawa.

"M-Manyakis!" bigla ay singhal niya sabay hakbang papalayo.

"Babe?"

"Manyak!"

"Babe..."

"Manyakis!"

"Hintayin mo 'ko," nagbabantang sabi ko. **"Kapag lumabas ka sa pintong 'yan, Maxpein—"**

"Ano!" hamon niya. Natigilan ako nang tapikin niya ang display na nakasampay sa dingding. At huli na nang mapagtanto kong isa iyong samurai. **"Tell me, ano?"** wala pa man ay nagbabanta na ang tinig niya.

Halos mangilo ako nang kumilansing ang talim ng samurai sa kaha. **"I love you,"** madamdamin kong sabi, nagmamakaawa.

"Bilisan mo," aniya sabay talikod.

"Dadalhin mo 'yang sam—"

"Oo!" pigil niya sa sinasabi ko.

"Saan mo gagamitin 'yan, babe?" inosente kunyari kong tanong habang naglalakad papalapit.

"Puputulin ko—"

"Ang ano?" nagugulat kong tanong.

"'Yang dila mo!"

Napahalakhak ako. **"Hindi mo magagawa sa 'kin 'yan, babe. Mahal mo 'ko."**

"Tss, lubayan mo 'ko," inismiran niya ko saka niya tatawa-tawang ibinalik 'yon. Nagmadali siyang lumabas at sumenyas sa 'kin.

Kinuha ko ang briefcase saka sumunod sa kaniya. **"Ayoko nang lalabas ka ng nakaroba, Taguro,"** banta ko, seryoso. **"'Wag mong ilagay sa peligro ang pag-aari at teritoryo ko."**

"Shut up," banta niya saka kami sumakay sa elevator.

Hinawakan ko siya sa baywang at hinapit papalapit sa 'kin. Inamoy ko ang buhok niya at halos singhutin ko ang kaniyang tainga. Bibiruin ko lang sana siya pero tinamaan ako nang sobra. **"Your smell is driving me crazy,"** kunot-noo kong sabi. Gusto ko siyang yukuin at halikan, na naman! **"Why are you doing this to me?"**

Hindi niya ako tiningnan. Pero ang nakakaloko niyang ngiti ay makikita sa repleksyon namin sa pinto ng elevator. Napakabango niya. Amoy babae. Lalo akong nababaliw.

Hindi siya nagsalita. Lalo pa siyang ngumisi nang kalasin ang kamay ko sa kaniyang baywang. Saka siya buong yabang na naglakad sa hallway, kung saan alam niya nang nasa kaniya ang paningin ng lahat nang madaanan.

"Where have you been?" nakangising mukha ni Lee ang bumungad sa 'min nang makabalik kami sa resto.

"Heaven," bulong ko.

Napaungol sa pagtawa si Lee. **"Baka maunahan mo pa 'kong mag-asawa?"**

"Mukhang gano'n na nga," nakangisi kong sabi saka tinanaw ang nauuna nang si Taguro. **"Baka nga hindi ka pa ikinakasal ay makabuo na 'ko ng pamilya,"** napahalakhak ako. Nilingon ako ni Taguro. **"I love you,"** halos isigaw ko. Ngumuso lang siya at sumulyap kay Lee.

"Putsa!" nangibabaw ang napakalakas na boses ni Tob. **"Tama ba 'yong narinig ko?"** hindi matumbasan ng salita ang tuwa sa kaniyang mukha. **"Ano, tama ba? Tama ba? Nag-I love you ka kay Taguro, 'dre?"**

"Para sa 'yo 'yon, loko," biro ko.

"'Yong totoo!"

Tumawa ako. **"Oo."**

"Okay na kayo?"

Tumango ako. **"Yes."**

"Oh!" nag-apir sila ni Lee sabay suntok sa ere. **"Hindi na pala nito kailangan ng tulong natin!"**

Hindi ko nagawang sumagot agad. Nakangiti kong tinanaw si Taguro. Hindi ko maintindihan ang pakiramdam ko nang sandaling iyon. Nararamdaman kong akin si Taguro, at wala nang makaaagaw sa kaniya sa akin. Pero batid kong may kulang. At sa sitwasyong ito, hindi ko alam kung paano iyong pupunan.

Kakatwang noon ko lang naramdamang handa ako. Nang panahong planuhin namin ang proposal kay Taguro ay hindi ko naramdamang maging ganito kahanda. Nang sandaling iyon ay wala akong ibang inisip kundi ang maging perpekto ang lahat. Pero sa sandaling ito, walang plano, walang nakahanda, sagot lang niya ang gusto kong marinig. Wala akong maramdamang alinlangan sa sagot niya. Alam kong tatanggapin niya ako.

Namulsa ako at hinawakan ang maliit na kahitang nakatago doon. Habang hinahaplos ko iyon ay may kung anong humahaplos din sa puso ko. Bahagya akong kinakabahan pero masarap pa rin ang pakiramdam.

Mayabang akong nag-angat ng noo saka lumingon kay Taguro. Ngunit agad na nawala ang ngiti sa labi ko nang makita kong sasalubungin na siya ni Bitgaram. At bago pa ito makalapit ay sumugod na ako.

"Where have you been?" tanong ni Bitgaram. At bago pa siya makaakbay kay Maxpein ay tinapik ko na ang braso niya.

"With me," sagot ko.

Nagulat si Bitgaram sa ginawa ko, seryoso ang mukha. **"Hello, cousin,"** bati niya, pinagkadiinan ang huli.

Cousin your foot! Inakbayan ko si Taguro. **"Sorry I was not able to welcome you properly,"** kaswal kong sabi. **"Welcome to the Philippines, Bitgaram Lee."** Hindi ko napigilan pangasiman ng mukha dahil sa pangit niyang pangalan.

"Salamat," hindi ko inaasahan ang sagot niya.

Nagtataka akong sumulyap kay Taguro. Nagkamot lang ito ng noo. **"Marunong ka palang mag-Tagalog."** Muli akong bumaling kay Bitgaram.

"Magaling akong mag-Tagalog," mayabang nitong tugon, itinatama ang sinabi ko.

"Nandito na si Maxwell," pagbabasag ni Maxpein sa usapan namin ni Bitgaram. **"Aalis na kayo."**

Sinakop ko ang buong baywang ni Taguro at marahan siyang iniharap sa akin. **"Baka gusto mong sumama?"** paglalambing ko.

"Hindi na," hindi ko inaasahan ang pagtanggi niya! Nanlambot ang tuhod ko. **"Ililibot ko si Bitgaram sa buong isla."** Sinabi niya iyon na para bang buong puso akong papayag sa gano'ng gusto niya.

Sarkastiko akong ngumisi. **"Hawak mo ba ang paa niya?"** gitil ngunit nakangiti kong bulong. **"Kakargahin mo ba siya?"**

"Ha?"

"Bakit kailangan mo pa siyang samahan, babe?" mas mariin ko nang bulong.

Ngumisi siya. **"Kasi kami ang may ari ng isla."**

Galit ka na, nagyayabang pa rin siya. Natural na sa kaniya 'yon pero nakakaasar! Nakakaloko akong humalakhak. **"Kahit regular na bakasyunista ay magagawang igala siya, Maxpein,"** pinagkadiinanan ko na naman ang pangalan niya. **"Maliwanag naman, kaya kahit maliliit ang mga mata niya ay makakakita siya. You don't really have to be this extra friendly to someone who isn't as attractive as I am, Maxpein."** Sinabi ko iyon nang nakangiti, nagpapaintindi.

"'Wag ka nang maraming reklamo. Sumama ka na kay Maxwell."

"Kanina lang ay ayaw mo 'kong mawala sa paningin mo."

"Kanina kasi ay hindi ko alam na darating sila. Sige na," ngumiti siya at itinulak ako nang makalapit si Maxwell. **"Hihintayin kitang makabalik."**

"Sasama ang *Netjae* sa inyo," ani Bitgaram, na kay Maxwell ang paningin. **"Nais niyang makita ang ospital na ipinatayo mo."**

"Sasama rin si Chairman Enrile," ani Maxwell.

"Kung gano'n ay dalawa lang pala kayong gagala ng Bitgaram mo?" mariin at gitil kong sabi nang hindi pinaghihiwalay ang pang-itaas at pang-ibabang ngipin.

Humalakhak si Taguro. **"Kumalma ka, Deib Lohr."**

"Kalmado pa ako sa lagay na ito, Maxpein. Sumama ka na lang sa 'min. Kapag maaga tayong nakabalik ay sasamahan kitang igala ang pinsan ko," pinagkadiinan ko ang salitang "pinsan" habang namemeke nang matamis na ngiti.

"Hindi ako pwedeng sumama," natatawang aniya. Pero hindi nakaligtas sa 'kin ang makahulugan niyang tingin.

"Bakit?"

"'Wag ka nang makulit."

"Bakit nga?"

"Tss, 'wag ka na sabing makulit. Maghahanda kami ng hapunan. Paparating na si Heurt."

"Tch." Nainis ako. Alam kong sa gano'ng sagot niya ay hindi ko na siya mapipilit.

"Hihintayin nalang kitang makabalik."

Napabuntong-hininga ako. **"Okay. Babalik ako agad."**

"Take your time," aniya saka yumakap sa 'kin.

"Don't worry," sabat ni Bitgaram, basta ko na lang siya tinalikuran. **"Panigurado namang ikaw ang bukam-bibig niya kahit kaming dalawa ang magkasama. Gano'n siya no'ng naro'n kami sa Amerika."**

Awtomatiko akong napabaling muli sa kanila at buong galak na ngumiti, peke. **"Nakarating ka rin pala sa America?"** hindi ko napigilang isabog ang sarkasmo.

Inosenteng tumango si Bitgaram. **"Magkakasama kami,"** isinenyas niya si Maxwell.

Matamis ang ngiti kong nilingon si Maxpein. **"Magkasama kayo sa America,"** bulong ko habang tatango-tango pa. **"Napakatagal mo palang nanlalaki, kung gano'n? Tanan ba ang tawag do'n?"**

Nagpatangkad si Taguro upang maabot ang pandinig ko. Bahagya naman akong yumuko para sa kaniya. **"Napaka-OA mo,"** matagal bago niya naibulong.

"Tch." Inis ko siyang hinalikan sa noo. **"Kapag 'yan nakabuntot pa rin sa 'yo pagbalik ko, patay ka sa 'kin."**

Itinaas niya ang parehong braso saka ipinulupot ang mga iyon sa batok ko. **"Pupunta tayo sa isla ko pagbalik mo."**

Nanlaki ang mga mata ko. **"Tayong dalawa lang?"**

"Oo," mapanukso niyang bulong.

Napalunok ako saka siya bahagyang inilayo. **"Mas maganda pa diyan ang isusuot mo?"**

Binatukan niya ako. **"Baka hindi mo mapanindigan 'yang kamanyakan mo, ah?"** nagmamaktol niyang asik.

Inis ko siyang hinarap. **"Ikaw na lang ang kulang sa buhay ko."**

"Ano?"

"Tch." Nag-iwas ako ng tingin. *Meron na akong sariling bahay. Binuo ko 'yon para sa 'yo. May mga sasakyan na rin ako. Pinag-ipunan ko 'yon para maipundar para sa 'yo. May maayos akong trabaho. Pinag-igihan ko 'yon para sa 'yo. Kaya ko nang bumuo ng pamilya. Ikaw na lang talaga ang kulang, Taguro.* **"Sige na,"** hinalikan ko siya sa pisngi. **"See you later."**

"Later," kumindat siya sa 'kin.

Napapabuntong-hininga kong sinulyapan si Bitgaram. **"Enjoy your leapfrogging,"** sarkastiko kong sabi.

"Yeah, sure, I enjoy long romantic walks to the beach anyway." Humakbang siya papalapit kay Taguro at sinadyang pagbanggain ang mga balikat nila at braso.

Ngumiti ako upang hindi mahalata ng iba pang naro'n ang namumuong tensyon sa pagitan namin ni Bitgaram. Tensyon na mukhang ako lang ang nakararamdam. **"If you lay a finger on my girl, I swear it'll be your last day here on earth,"** masaya kong sinabi.

Tumawa naman siya. **"It's so nice of you, cous."**

Matunog akong ngumiti. **"I'm cool, but I'm not fucking friendly. That's a warning."** Tumatawa kong tinapik ang balikat niya.

"Sige na, sige na, sige," itinulak ako ni Taguro papalayo sa lalaki niya. Saka kumaway sa 'kin at lumayo.

Iiling-iling ko siyang tinanaw na lumapit sa mga kaibigan ko. Babaling na sana ako kay Maxwell nang mahagip na naman si Bitgaram ng paningin ko. Nakakaloko ang tingin niya sa 'kin dahil sa kaniyang ngisi.

"What?" hindi ko napigilan ang sarili kong singhalan siya.

"Do you have any idea what we came here for?" makahulugan, nakangisi niyang tanong. **"Maxpein needs to get married. That's serious."** Nakangiti man ay mahihimigan nga ang pagiging seryoso niya.

"She's not marrying you," kunot-noo kong sagot.

"Of course, you will not allow me to."

Mabuti at alam mo. Sa halip na sagutin siya ay hinarap ko si Maxwell. **"Handa na ako."**

Nginisihan lang ako ni Maxwell saka siya nagpaumunang maglakad. Tinanaw ko si Taguro. Noon ay sinasalubong niya na ang iba pa naming kaibigan. Gusto kong pangaralan ang sarili ko. Kailan lang ay pinagsusungitan ko si Taguro. Ngayon ay heto na naman ako at nililimitahan ang mga kilos niya.

Inalalayan akong makasakay ni Mang Pitong sa yate. Natigilan pa ako nang makita ang *Netjae* na nakatunghay sa akin mula sa deck. Kasama niya doon si Chairman Enrile. Sa kamay ay hawak nila ang baso ng wine at maganda ang pagkakangiti sa akin. Napabuntong-hininga na lang ako saka tumango sa kaniya. Hindi ko alam ang sasabihin sa *Netjae*.

"Nang pumunta kami ro'n noon ay nakasasakyan kami, bakit nakayate na tayo ngayon?" tanong ko kay Maxwell. Gusto kong umiwas sa atensyon ng *Netjae* na nakapukol sa akin.

"Dederetso na tayo papunta ro'n. Para mas mabilis," ani Maxwell na kinuha ang briefcase mula sa akin. **"Heto nga pala ang blueprint,"** iniabot niya sa 'kin 'yon nang nakakaha. **"I-check mo na lang ang bank account mo pagkabalik sa Laguna."** Ngumiti siya.

Natatawa akong umiling. **"Wala kang magawa sa pera."**

Humalakhak siya. **"Importante ang project na 'to sa 'kin. Para sa mga taga-Palawan."**

"I know." Binulatlat ko ang blueprint at pinasadahan iyon ng tingin. **"Pero wala na akong kailangan pang trabahuhin dito, Maxwell. Hindi ko maintindihan."** Napapailing uli akong nag-angat ng tingin sa kaniya.

Natigilan ako nang makita kung gaano kaganda ang ngiti niya sa akin. Para bang may magandang ideya siyang naiisip na hindi magawang ibahagi sa akin. Hindi ko maiwasang pagtakhan.

"May mga gusto akong ipagawa sa ospital ko. Sa interior. At alam kong ikaw ang makatutulong sa 'kin," nakangiti niyang sabi, animong nag-iisip.

"Arkitekto yata ang kailangan mo at hindi ako," natawa ako.

"The hospital is built for the Moon family's contribution to this place, Deib Lohr. We need your contribution as well."

"I don't get it," natawa na naman ako. Pakiramdam ko ay nagdadahilan na lang siya para magkaroon ng saysay ang pagpunta ko ro'n.

Hindi na lang ako kumibo hanggang sa marating namin ang lugar. Malaki na ang ipinagbago niyon mula nang unang makita ko. Kompleto na. Wala na akong maidaragdag pang salita para masabing tapos na iyon. Talagang handang-handa na ang lugar para magbukas. Handa nang tumanggap ng pasyente ang ospital.

Nilibot namin ang buong ospital. Pamilyar pa sa 'kin ang lahat ng parte. Pero hindi ko maiwasang manibago dahil sa dami nang naidagdag na gamit.

Hindi magawang mag-focus sa 'kin ni Maxwell. Nasa *Netjae* ang atensyon niya, kasabay at nakikinig din sa kanila ang Chairman. At hindi ko maintindihan ang pag-uusap nila dahil sa lenggwaheng gamit. May mga pagkakataong bumabaling sa 'kin si Maxwell. Itinuturo niya ang ilang parte ng ospital na nais niya ng kaunting renobasyon.

Bago matapos ang hapon na 'yon ay umakyat kami sa pad ni Maxwell. Nakita ko na rin noon iyon pero mas marami nang gamit ngayon kaya nakakapanibago. Doon ay nagpahinga sina Chairman Enrile at ang *Netjae*. Habang si Maxwell naman ay isa-isang ipinapaliwanag sa 'kin ang mga disenyong gusto niyang mangyari. Mula sa ceilings, wall at floorings, may gusto siyang ipabago. Gusto niyang iba ang disensyo sa area na pambata, gano'n na rin sa pangmatanda. Maging ang pool side ay gusto niyang palagyan ng design. Hanggang sa playground na para sa mga bata. Gusto niya raw na maging komportable ang sinumang pasyente sa ospital.

"'Eto 'yong lupa na gusto kong ipakita sa 'yo." Inilapag ni Maxwell ang plano sa harap ko. Malaking lupa iyon, at mukhang hindi biro ang nais niyang ipatayo. **"I want a ten storey building, Deib Lohr. All glass."**

"Hotel?" tanong ko habang nakatutok pa rin ang mata sa plano.

"Free accommodation for my team." Batid kong iyong mga empleyado niya ang kaniyang tinutukoy.

Gulat akong napatingala sa kaniya. **"Ang galante mo."** Hindi ko naiwasang matawa.

Ngumiwi siya. **"Hindi naman lahat ng kwarto. Kailangan kong mag-provide ng tutuluyan ng mga tao ko. Maraming medical students sa kabilang bayan pero walang mahanap na trabaho. O kung may mahanap man, wala namang sahod. Isa pa, isa 'to sa mga sinumpaan**

ko." Naglapag siya ng panibagong plano sa harap ko. **"Dito naman itatayo ang mga homestay. Para sa mga bakasyunista."**

Namangha ako sa ganda ng plano. May katulad na iyon sa ibang bansa, sa Maldives. Mga malalaking nipa na pinagdugsong nang mahabang bridge na gawa sa kahoy. At naro'n iyon sa palibot ng isla. Hindi ko naiwasang mamangha. Lalo na nang makita ko ang interior plan. Kompleto iyon at talagang mag-e-enjoy at makokontento ang sinumang magbakasyon.

"Wow," bulong ko. **"Sa 'yo lahat 'to?"**

"Of course," kibit-balikat niya. **"Patatayuan ko ba naman ng negosyo ko kung lupain ni Maxrill 'yan?"** Hindi niya intensyong maging sarkastiko o mayabang, natural na 'yon sa pagkatao nila. Hindi nga lang din ako nasasanay. **"May kani-kaniya kaming isla. Kapag nagkaroon tayo ng oras ay dadalhin kita sa isla ni Maxrill, at gano'n na rin sa kay Maxpein."**

Napilitan akong ngumiti. **"Sige."**

"Gusto mong makisosyo sa negosyo?" humalakhak siya.

"Pwede," nakangiwi kong sabi sabay tawa. **"Hindi ko lang maiwasang bumilib. Bukod kay Lee ay ikaw lang ang negosyanteng nakilala ko na kumikita nang malaki habang nagbibigay nang magandang benepisyo."**

"Thank you." Bakas ang pagmamalaki sa kaniyang mukha.

Tuloy ay hindi ko maiwasang alalahanin ang mga sinabi ni Heurt sa akin noon. Tungkol sa kanilang pagkatao. Ngayon ay naiintindihan ko na si Heurt. Paano ko nga ba tatawaging masasama ang mga taong ito? Kung nagagawa nilang tumulong sa pinakamagandang paraan na kanilang nalalaman.

"Dumating na raw si Heurt," anunsyo ni Chairman Enrile sa kabila nang pagiging abala namin. Nag-angat ako ng tingin sa kaniya. Gusto kong itanong kung bakit ba sa tono nila ay parang big deal ang pagdating ni Heurt. Binale-wala ko na lang iyon.

"Your job is done. We'll close the deal," nakangiting inilahad ni Maxwell ang kamay sa akin. Maganda ang kaniyang pagkakangiti, tila nakapikit na ang mga mata. At talagang nakaarko nang todo ang mga labi.

"'Yon na 'yon?" nagtataka kong tanong. Tatawa-tawa naman siyang tumango. Tumayo ako at napapakamot sa batok na tinanggap ang kamay niya. **"Deal."**

"Congratulations!" galak na galak niyang inalog-alog ang kamay ko habang humahalakhak.

Kunot man ang noo ay napilitan akong makitawa. **"Salamat."** Napabuntong-hininga na lang ako sa kawirduhan niya. *Hindi ba't siya dapat ang kino-congratulate ko? Tch. Wirdo talaga.*

"Maiwan ko na muna kayo," tumango si Maxwell. Tinapik niya ako sa balikat, hindi nawawala ang maganda at nanunuksong tingin at ngiti sa 'kin dahilan para malito ako. Ngunit sa halip na magtanong ay pinanood ko lang siyang irolyo muli at itabi ang mga plano. Nalilito kong pinanood siya na lumabas ng kwarto.

Iba-iba talaga ang timpla nila. Minsan ay mabait. Minsan makulit. Madalas ay masungit. Mga wirdo. Tch. 'Buti pa 'ko, ganito lang.

Napatayo ako nang kasunod nang paglabas ni Maxwell ay pumasok ang *Netjae*. Sa likuran nito ay si Chairman Enrile. At kasunod nila ay sina mommy, daddy, manang, Lolo Dei Min at *Noona*. Emosyonal ang kanilang mga hitsura nang sabay-sabay na maglakad papunta sa harapan ko. Kunot-noo ko silang napagmasdan isa-isa. Gusto kong magtanong pero hindi ko nagawang magsalita. Maganda ang kanilang pagkakangiti pero hindi ko maintindihan kung bakit ako kinakabahan. Lalo nang sabay-sabay silang maupo sa mga sofa na nasa aking harapan.

"Yes?" tumingin ako sa Chairman. **"What's going on?"** napapakamot sa noong tanong ko. Hanggang sa sandaling 'yon ay hindi ko pa rin talaga alam kung ano ang sasabihin. Tuloy ay hindi ko naiwasang ipahalata ang pangamba sa aking tinig.

"Sit down," anang *Netjae*. Iyon lang ang sinabi niya pero ganoon na ang kapangyarihan niyon para aligaga akong mapasunod.

"Ang totoo ay hindi ko malaman kung paanong sisimulan ito, apo ko," madamdaming anang Chairman. **"Masaya ako para sa iyo. Masayang-masaya."**

Napailing ako, nanliit ang mga mata. Ipinatong ko ang pareho kong siko sa mesa at ipinatong sa mga kamao ang mukha ko. Gano'n ang aksyon ko pero tumitindi ang aking kaba.

"Your great grandmother and I tried hard to separate you in this kind of life," patuloy ng Chairman, wala akong maintindihan. **"Gusto naming bigyan kayo nang magandang buhay. Iyong buhay na para sa amin ay masaya, maluwang, totoo, at tunay na maganda. Ginawa ko**

ang lahat para mailayo kayo, at walang makita ni katiting na bakas ng kanilang mundo."

Hindi ko maipaliwanag ang mababasang saya, lungkot, panghihinayang at galak sa mga mata ng Chairman. Magkakaibang emosyon pero bumubuo ng iisang reaksyon. Magkakahalo iyon pero isa-isa kong nakikita. Hindi ko rin maipaliwanag ang naghahalo kong kaba at pagtataka.

"Pero sadya yata talagang para tayo sa mundong iyon, Deib Lohr," dagdag niya. **"Na kahit anong takbo natin papalayo ay iikot ito para balikan tayo."**

"Hindi ko maintindihan ang mga sinasabi mo, Chairman," natatawa kunyaring sagot ko. Pero sa loob ko ay alam kong ang mundo nina Taguro ang kaniyang tinutukoy.

"Humanga ako nang ipaglaban mo ang pagmamahal mo sa paraang nalalaman mo, Deib Lohr. Humanga ako nang tahakin mo ang landas na pinapangarap mo. Ipinagmamalaki kita."

Nagbaba ako ng tingin. **"Salamat, Chairman."**

Matunog siyang bumuntong-hininga. **"Ngayon ay matatanggap mo na ang pinakamagandang parangal sa lahat ng pinagdaanan mo."**

Napatitig ako sa kaniya at natitigilang umiling. **"Anong parangal?"**

Sa halip na sumagot ay nag-angat ng kamay ang Chairman. Natigilan ako nang makita ko sa palad niya ang gintong kahita. Iyon pa lang ay umalingawngaw na sa pag-iyak sina mommy at *Noona*. Napalunok ako nang marahan iyong buksan ng Chairman. At nanlaki ang mga mata ko matapos masinagan ng liwanag ang singsing na laman niyon.

Naguguluhan kong nilingon ang *Netjae*. Tutok ito sa kamay ng Chairman pero tila naramdaman ang tingin ko. Ngumiti at tumango siya nang magtama ang mga mata namin.

Naguguluhan akong tumingin sa lahat, masiyado silang emosyonal. Saka ako nag-angat ng tingin kay Chairman Enrile, na noon ay emosyonal na ring nakatingin sa akin. Ang nangingilid niyang luha ay tila mga kristal na kumikinang. Kumikislap sa paggalaw ng bawat parte ng kaniyang mukha.

Bumilis ang paghinga ko habang nakatitig sa singsing. Hindi ko magawang alisin agad doon ang aking paningin. Lalo pang naghalo ang nararamdaman ko. At aaminin kong higit pa sa saya ang naro'n.

"Ang singsing na ito ay ibinigay sa akin ng Emperyo nang yayain kong magpakasal ang lola mo," nakangiting ani Chairman, emosyonal. **"Isa ito sa apat na simbolo,"** may diin niyang sinabi. Gumaralgal ang

kaniyang tinig at hindi ko maintindihan kung bakit tila nahawa ako. Kasabay ng paglunok ay ang pangingilid ng mga luha ko. **"Ito ang pinakamakahulugang singsing ng Emperyo. Dahil ito ang simbolo ng pagmamahalan, Deib Lohr. At kapag sinabing pagmamahalan, hindi lang iisa ang nagmamahal kundi dalawa."** Emosyonal siyang ngumiti. Pero dahil sa halo-halo kong nararamdaman ay hindi ko na nagawang mahawa sa ngiti niya. **"Ipinabibigay sa iyo ito ng Emperyo."**

Hindi ko maintindihan kung bakit kinilabutan ako. May kung anong bumangon sa kalooban ko. Gano'n kalupit ang kapangyarihan ng singsing. Kung tutuusin ay bagay lamang iyon, mamahaling bagay na may malalim na halaga sa kanila. Ngunit ang epekto no'n sa paningin at nararamdaman ng ko ay tila ba isa iyong makapangyarihang tao.

"Ang tao ng Emperyo na mismo ang nagsabi na ibigay ito sa iyo," dagdag ng Chairman, mapungay ang mga mata, naiiyak sa sobrang galak.

Hindi ako makapaniwala sa naririnig ko. Masayang-masaya ako sa kalooban pero hindi ko iyon magawang ipakita. Masiyado akong nagugulat. Hindi ko pa nga magawang lunukin ang mga narinig ko mula sa bibig ni Bitgaram, 'eto at may panibagong balita akong naririnig.

Ang katotohanang sinabi ngayon ng Chairman ay pinatataba ang puso ko, pinaninindig ang mga balahibo ko. Sa bansa kung saan ang lahat ay nakabase sa mga batas at sariling kultura, paano nilang napagkasunduan na ibigay iyon sa akin? Wala ba ni isang tumutol? Paano nangyari 'yon? Napakaraming tanong sa isip ko.

"Hinihintay ng Emperyo ang pag-iisang-dibdib ninyo ni Maxpein Moon, Deib Lohr," patuloy ni Chairman.

Matagal akong napatitig sa Chairman. Doon ko na hindi napigilan ang mga luha ko. Tila sumabog ang emosyon ko. At ang tanging nagawa ko ay yumuko sa palad ko at doon tatawa-tawang lumuha.

"Sumadya ang *Netjae* at si Bitgaram dito upang hingin natin ang kamay ni Maxpein sa kaniyang pamilya," muling anunsyo ni Chairman na siyang ikinagulat ko lalo. **"Sa sandaling mapagdesisyunan mong pakasalan siya ay mamamanhikan na tayo."**

Napamaang ako ngunit hindi ko nagawang magsalita. Hindi ganoon ang proposal na inaasahan ko. Pakiramdam ko ay nag-propose sa akin ang pamilya ko. Hindi ko maintindihan ang pakiramdam, sadyang halo-halo at patuloy pang naghahalo. At dahil may kinalaman na iyon kay Maxpein, lumayo sa normal na nangyayari ang sandaling iyon.

Kung dati ay sinasabi nilang masiyado pang maaga para mag-propose ako, ngayon naman ay para bang ipinagdududldulan na nila ako. Kung dati ay pinangangaralan nila ako sa pakikipagnobya at pag-aasawa, ngayon ay halos itulak nila ako. At kahit hindi ko sabihin ay para bang alam na alam na nilang handa na ako.

"Do you want to marry her?" noon lang uli nagsalita ang *Netjae* at hindi ko inaasahang gano'n ito kaprangka.

Naguguluhan akong napatitig sa *Netjae*. Saka napalunok nang makita ang pagiging seryoso niya. Hindi naman na iyon ang unang beses na kausapin ako ng *Netjae*, o ng hukom. Pero hindi yata talaga ako masasanay sa boses nila. Kakaiba ang pagiging malaki niyon. Mabagal silang magsalita, tila binibigkas ang bawat letra ng salita. At higit sa lahat ay makapangyarihan.

"Maxpein Zin is not an ordinary girl, in fact she can be your superwoman." Ngumisi siya, nagbibiro. **"But Maxpein Zin isn't always going to be there for you. You must not forget that our world is different from yours, Deib Lohr,"** bagaman nakangiti ay seryoso iyong sinabi ng *Netjae*, sinusubok ako.

Kinakabahan man ay gumanti ako ng ngiti. **"It doesn't matter as long as I can enter her world, and she can come to mine. As long as we have the same reason for happiness, as long as we share the same pain. I will marry her,"** madamdamin kong sabi. **"Besides, we both lived outside of this world because she's my moon and I'm her sun. We rarely see, and always miss each other. But when we collide, the whole world stares in awe of our eclipse."**

Matagal na tumitig bago matamis na ngumiti ang *Netjae* sa akin. Para bang pumasa ako sa hamon na binuo niya sa isip. Ngumiti siya nang pagkatamis-tamis na para bang narinig niya ang pinakamagandang sagot na inaasahan niya.

"I never expected her to be there for me always, I wished." Bahagya akong natawa. **"And she was there, behind the darkness, watching, waiting for a sign so she can step out of the darkness and protect what's hers."**

Ngumiwi lang ang *Netjae* saka tumayo at naglakad papalapit sa Chairman. Kinuha niya ang kahita sa palad nito saka sila sabay na lumapit sa akin. **"You may rise,"** utos nito, hindi ko inaasahan!

Kunot-noo niya akong pinanood na aligagang tumalima. Para bang dismayado siya dahil hindi ako tulad no'ng mga tao sa Emperyo na hindi na

kailangang utusan. Dahil sa bawat kilos ng mga hukom ay may kaakibat din silang aksyon.

"On behalf of the Empery I am giving you the blessing to marry the highest empery rank." Nanindig lalo ang mga balahibo ko! Lalo na nang ipasa niya ang gintong kahita sa nanginginig na palad ko. Napatitig ako sa singsing na iyon nang nakamaang ang labi. **"Keep it. We will wait for you, Deib Lohr."**

Natigilan ako at nahabol ng tingin ang papaalis nang hukom. Gusto kong itanong kung ano ang ibig niyang sabihin niyon. Ngunit parang binigyan ko lang siya ng karapatang insultuhin ako dahil masiyado nang halata ang sagot. Gusto nilang mag-propose ako kay Maxpein, gusto na nilang magpakasal kami.

Wala sa sarili kong naibulsa na lang ang singsing. Kunot-noo akong napaisip ngunit agad din iyong natigil nang patakbong lumapit sa 'kin si mommy. Niyakap niya ako saka siya humagulgol sa akin. Ngunit hindi ko na iyon napagtuunan ng pansin, para akong nakalutang.

Isa-isa akong binati ng pamilya ko. Isa-isa rin nilang ipinaramdam ang excitement sa akin. Napakarami nilang pangaral at kung ano-ano pang sinabi. Pero maski yata isa ay wala akong naintindihan. Dahil sa sandaling iyon ay para akong nakahiga sa ulap. Hindi ko magawang mag-isip nang tama. Hindi ko magawang mag-concentrate sa kanila. Ang tanging laman ng isip ko ay si Taguro, at ang dalawang singsing na noon ay parehong nasa palad ko habang nakapamulsa ako.

Hindi pa rin mawala sa isip ko ang nangyari habang naglalakbay kami papabalik sa hotel. Tahimik ang lahat pero nandoon ang ngiti sa mga labi. Walang makabuwag sa katahimikan. Para bang ang lahat ay may kani-kaniyang planong binubuo sa isip para sa akin, para sa amin ni Maxpein.

Matapos ang matagal na pananahimik ay nilapitan ko si Maxwell. **"Alam mo ang tungkol dito?"** inosente kong tanong habang nakatanaw sa madilim nang dagat.

Humalakhak siya. **"Of course not."**

"Tch."

"All I know is the position that my father needs to fill in."

"What position?"

Nagkibit-balikat siya. **"Being the chairman of the Moon family?"** Saka niya ako kunot-noong sinulyapan. **"'Wag mo sabihing nag-aalinlangan ka pa?"**

Sabay kaming humalakhak. **"Nabibigla lang ako. Totoong hindi ako makapaniwala, Maxwell."** Nakangiti akong tumingala sa langit. **"Alam ba ni Maxpein ang tungkol dito?"**

"Of course not," natawa na naman siya. **"Pero hindi na ako magtataka kung mahulaan niya. Buong pamilya mo ang nawala ro'n. Ipinaiwan ko na lang si Garam para hindi siya maghinala. But she knows everything about our culture and this is how it goes,"** minsan pa siyang nagkibit-balikat. **"Besides, intelligence runs in our blood,"** seryoso niya iyong sinabi, tumatango. Napabuntong-hininga na lang ako.

Ikinuwento ni Maxwell ang tungkol sa pagsasalin ng simbolo. Ganoon iyon sa kung ano ang nangyari kanina lang. Nabanggit niyang kung hindi iyon binawi sa Chairman namin ay ito sana ang magsasalin sa 'kin. Ngunit dahil nawalan ito ng kahit na anong karapatan sa simbolo, ang ikaapat na hukom ang sumadya para ibigay iyon sa 'kin.

Nalaman ko rin na ang pinakamahalagang basbas ay magmumula sa lolo't lola. At kapag nagdesisyon ang mga ito ay wala nang pwedeng tumanggi sa myembro ng pamilya.

Bukod doon ay ipinaliwanag niya ang tungkol sa pagiging Chairman ni More. Hindi pwedeng magtagal sa posisyon si Mokz dahil base sa papel ang pagiging Moon nito at wala sa dugo. Bagaman dala ni Mokz ang apelyidong Moon dahil sa anak nito, at dahil na rin kay Chairman Moon.

Muli siyang ngumiti sa akin nang hindi na makita ang mata at todo ang pagkakaarko ng mga labi. Saka niya ako tinapik muli sa balikat. **"I heard everything about your unsuccessful wedding proposal, by the way. Why do not you try to make it a success this time?"**

Kailangan niya ba talagang ipamukha? Tch! Napabuntong-hininga ako saka umiling. **"Sa ngayon ay hindi ako makapag-isip nang tama."** Napahalakhak ako. **"Biglaan 'to pero totoong masaya ako. Para pa rin akong nakalutang hanggang ngayon."**

Nakangiwi siyang tumango. **"Kaya nga ganito karami ang pinapunta ko dito, para marami kaming tutulong sa 'yo."**

Natigilan ako at napatitig sa kaniya. **"Tch. Akala ko ba ay hindi mo alam ang tungkol dito?"**

Humalakhak siya. **"I told you, intelligence runs in our blood, and it's unstoppable."** Malayo ang sagot niya sa tanong ko, sa madaling salita ay nagyayabang lang siya.

"Whatever, 'dre," napapailing kong singhal saka ako natawa. **"Ang simbolo ba ang ibibigay ko kay Taguro?"** nalilito kong tanong. **"Bumili pa naman ako ng engagement ring sa Japan,"** bulong ko nang huli.

Napahalakhak siya. **"Lalaki lang ang nagsusuot ng simbolo, Deib Lohr. 'Yan ang patunay na kailangan kang protektahan ng Emperyo, lalo na ng pamilya mo."**

Napangiti ako nang maisip na magagamit ko pa rin pala ang singsing na totoong pinaghirapan kong bilhin. Kulay itim lahat iyon, maging ang bato. Isa sa pinaka-unique na singsing sa buong mundo. Dahil sa natatanging disenyo nito na pumoprotekta sa bato. Gaya ng isang korona na tila idinesenyo para sa aking reyna.

"Everything is prepared, Deib Lohr," nakangiti man ay mahihimigan ang pagiging seryoso ni Maxwell. **"All you gotta do is to get down on your knees and ask her to marry you."**

"You're kidding," hindi makapaniwalang usal ko.

Tumaas ang kilay niya. **"Tsh. This is it, Deib Lohr,"** sumeryoso siya. **"Sigurado akong may darating na sa proposal mo."**

"Stop joking, Maxwell."

"I'm not. This is serious," asik niya. **"As I've said, everything is settled. Ginaya ko lang ang proposal na ginawa mo. You still have your fireworks, Deib Lohr, your thousands of rose petals and hundreds of candles. Ang pinagkaiba lang ay sa wooden bridge maglalakad ang prinsesa ko."**

Nagugulat akong tumingin sa kaniya. **"Maxwell..."** Hindi ko malaman ang sasabihin. Hindi ko pa man lubusang naiintindihan ang sinabi niya, nasisiguro kong wala na akong dapat pang alalahanin.

"That's all I can do for you," ngumiti siya at tumango sa 'kin.

"Thank you," hindi ko napigilan ang maging emosyonal sa kabila nang pagkakakunot ng aking noo. Nayakap ko si Maxwell. At noon lang ako naging ganoon kaemosyonal sa gano'ng sitwasyon sa kaniya. **"Salamat."**

Tinapik niya ako sa likuran. **"Welcome to our family, Deib Lohr Enrile,"** sinabi niya iyon nang tahimik pero makapangyarihan, lalo akong naging emosyonal.

Nang maghiwalay kami ay natatawa kong pinahiran ang mga mata ko. Kaswal naman siyang ngumiti at muling tumango sa akin. Noon ay natanawan ko sa kaniyang likuran ang *Netjae*. Hindi ko alam kung gaano

katagal niya na kaming pinanonood. Pero mukhang nasaksihan at narinig niya ang lahat. Masiyado kasing maganda ang ngiti niya.

Inalalayan siya ni Maxwell na makalapit sa amin. Hindi ko naman malaman kung ano ang ikikilos. Hindi ako gaya nila na awtomatikong alam na ang gagawin kapag may kaharap na hukom.

Ipinatong ng ikaapat ang parehong siko sa railings at sinalubong ang malamig na ihip ng hangin. **"I must say that Maxpein is the most powerful rank we've ever had."** Bumuntong-hininga siya, nakangiti pa rin. **"Napakahirap ng pinagdaanan niya. Ako man, sa posisyon kong ito, ay hindi nalampasan iyon. Kahanga-hanga."**

Mabagal pa rin ang kaniyang pananalita, at ang kapangyarihan ay hindi nawawala. Hinarap niya ako, bumuntong-hininga saka muling ngumiti. Hindi ko malaman kung anong reaksyon ang maipapakita ko. Hiniling ko nang sandaling iyon na sana ay gaya na lang ako ni Maxwell na magkahawak ang mga kamay, at prenteng-prente sa panonood sa mapayapang dagat.

"Hindi namin inaasahan na magkakaroon ng babaeng anak ang mga Moon," patuloy ng ikaapat. Napalunok ako. **"Para iyong delubyo na dumating sa kanilang pamilya. Hindi inaasahan."** Humugot siya nang malalim na hininga at marahan iyong pinakawalan. **"Komplikado ang kwento sapagkat sa ibang sinapupunan siya nagmula. Ang kaniyang ina ay nagmula sa kalaban naming bansa."**

Hindi man detalyado ang kwento, pakiramdam ko ay may nasasagot na mga tanong sa isip ko. At hindi ko inaasahang maririnig ito mula mismo sa hukom.

"Hindi niya naranasang maging inosente. Sapagkat iminulat siya nang sapilitan sa katotohanan. Na sa kakaibang mundo siya naninirahan." Nakangiti iyong inalala ng *Netjae* ngunit malungkot ang tinig. **"Nagrebelde si Maxpein ngunit walang nagawa. Bitbit ang galit sa kaniyang pamilya ay sumugod siya sa proseso upang maging rango. Nang sandaling iyon ay nasabi ng tatlong hukom, maliban sa kaniyang lola, na hindi niya matatagalan ang bagyo."**

Napatitig ako sa dagat. Pakiramdam ko ay napapanood ko sa paningin ko ang mga kinukwento ng *Netjae*. At para bang nararamdaman ko ang nararamdaman ni Taguro nang sandaling iyon.

Hindi ko inaasahan nang bigla ay mapahalakhak ang ikaapat. **"Ngunit nang matapos ang proseso ay humarap siya sa *centro*."** Tumingin siya sa

akin at matamis na ngumiti. **"Bitbit sa kaniyang kamay ang patunay na siya ang tinanghal na pinakamataas na rango. Doon lang napagtanto ng Emperyo na si Maxpein mismo ang bagyo."**

'Ayun na naman iyong masarap na pakiramdam na para bang hinahaplos ang puso ko. May parte sa akin na naaawa sa nakaraan ni Taguro. Pero lamang ang paghanga dahil nagawa niya iyong lampasan. At 'eto siya ngayon, malaking isda lang ang kinatatakutan.

Matapos ang mahabang sandali ng katahimikan ay sinabi ng *Netjae* na hahayaan niya nang si Maxpein ang magbahagi sa akin ng iba nitong pinagdaanan. Nagpaalam siya at dumulog kina Chairman. Nang maiwan kami ni Maxwell ay idinetalye niya sa akin ang regalong binuo niya para sa akin. Hindi ko maipaliwanag ang pakiramdam. Nahigitan niyon ang preparasyong ginawa ko nang magplanong mag-propose kay Taguro. Hindi ko alam kung paano siyang pasasalamatan. Noon pa man ay naramdaman ko nang boto siya sa akin para sa kapatod. Pero ngayon ko lang iyon lubos na napatunayan. Iniwan niya na rin ako matapos niyon at sinabing pag-isipan ko na kung paanong sisimulan ang plano ko.

Naiwan akong tulala ngunit nakangiti, para pa rin akong nakalutang. Nang sandaling iyon ay nakangiti lang akong tinanaw ang papalapit nang isla. At ang tanging gusto ay muling makita at mayakap si Taguro.

"Mang Pitong," nakangiting pagtawag ko. Nakangiti rin siyang bumaling sa 'kin. **"Pwede ba akong humingi ng pabor?"**

"Kahit na ano, *bagay,*" kakamot-kamot sa batok na aniya, natawa ako.

"May ipabibili lang sana ako."

"Ano?"

Pabulong kong sinabi ang pabor sa kaniya. At kung paanong palihim na iaabot iyon sa akin oras na mabili na niya. Sandali lang siyang nagulat saka tatawa-tawa lang niyang sinang-ayunan iyon.

Nasa dalampasigan ang mga kaibigan ko at lumalangoy nang makabalik kami. Lahat sila ay abala sa pagsasaya at kinawayan lang ako. Ang tilian ng mga babae at malakas na tawanan ng mga lalaking kaibigan ko ang bumuhay sa natutulag nang gabi.

Agad namang hinanap ng paningin ko si Taguro. At gano'n na lang ang pagkakangiti ko nang makitang nasa bungad ito ng hotel. Nakatayo, nasa likuran ang mga braso, at nakangiting naghihintay sa 'kin. Patakbo ko siyang pinuntahan. At wala sa sariling yinakap.

Natawa siya. **"Miss na miss?"** bulong niya. Hindi ko naman nagawang sumagot. **"Nakahanda na ang hapunan, eksakto ang dating mo. Nagluto ang nanay ko ng mainit na bilo-bilo! Tumulong ako, ako ulit ang naghalo. Hehe."**

Sa halip na sumagot ay isinubsob ko ang buo kong mukha sa kaniyang balikat, yukong-yuko. **"I love you, Taguro,"** emosyonal na sambit ko.

Naramdaman ko siyang matigilan. Noon lang siya yumakap sa akin. **"Do you want me back?"** bulong niya. **"Tell me you want me back."**

"Yes." Tumango at sumagot ako na parang bata. **"I want you back."**

Lalong humigpit ang yakap niya. **"I love you, too,"** emosyonal niya ring sinabi.

"Babe..."

"Babe?"

"My baby babe," hindi ko napigilang matawa, nahawa siya. **"My one and only, baby babe."**

Nang sandaling iyon ay gusto ko na agad lumuhod at hingin ang kamay niya. Gusto ko nang ianunsyo at yayain siyang pakasalan ako. Gusto ko nang makita kung ano ang magiging reaksyon niya. Gusto ko nang marinig kung gaano kalakas ang magiging pagsagot niya. Gaano man kagasgas ay gusto kong sabihin niya na ako lang ang gusto niyang makasama habambuhay. Gusto kong marinig mula sa kaniya na hindi siya magsasawang protektahan ako.

Kahit pa hindi kailangan ay gusto kong maging espesyal ang sandaling iyon sa buhay naming dalawa. Gusto kong magkaroon siya ng espesyal na alaala na puno ng tuwa, iyakan, kilig at saya. Gusto kong sa susunod na magkukwento siya, hindi na tungkol sa mga hirap na pinagdaanan niya. Gusto kong sa susunod na magbibitiw siya nang mabibigat na linya, hindi iyong tungkol sa kakayahan niya. Gusto ko ng alaala na siya ang bida pero pareho kaming masaya. Gusto ko ng alaala kung saan may grand entrance siya na ako mismo ang naghanda. Gusto kong sa susunod na magyayabang siya ay dahil nagkatuluyan kaming dalawa.

"Can we eat now?!" nangibabaw ang hindi inaasahang tinig ni Maxrill. Gulat kaming napabaling ni Maxpein sa kaniya. **"What's with the emotional conversation, guys? Damn it."** masungit na aniya saka kami tinalikuran. Ang aso niya naman ay inosenteng nakatingala sa amin ng ilang segundo bago sumunod sa kaniya.

Napakamot sa ulo si Maxpein saka kunot-noong nag-angat ng tingin sa akin. Natawa na lang ako. **"Bakit naging masungit na 'yon?"** tanong ko.

"Sapilitang pagma-mature," mayabang niyang sagot. **"Woi!"** Hindi ko inaasahang sisigawan niya ang mga kaibigan namin. **"Kain na!"** Nagsipagtakbuhan ang mga iyon. **"Kumusta, napagod ka ba?"**

"Kaiisip sa 'yo, oo." Sinuyod ko ng tingin ang kabuuan niya. At napangisi ako nang makitang sa kaunting galaw niya ay sumusulyap ang pusod niya.

"Ako rin, napagod kaiisip sa 'yo," tumawa siya.

"Tapos na raw kami ni Maxwell, babe," sabi ko matapos hawakan ang kamay niya.

"Ah, talaga? Ang sabi niya ay dalawang araw kayong bibisita sa ospital niya?" inosente niyang sagot saka tumango-tango. **"Makakagala pala tayo bukas!"** excited niyang dagdag.

"Gusto kong mag-jetski."

"Hindi ka pa ba nakakasakay ng jetski?"

"Tch. Baka may sarili rin akong jetski?"

"Talaga? Nasa'n na?"

"Ibinenta na," napabuntong-hininga ako. **"No'ng bata ako ay binilhan ako ng jetski ni lolo. Pero no'ng magkasakit ako ay ibinenta nila iyon, pati 'yong private house namin sa Batangas. Malaking problema, malaking hirap, gastos,"** nagkibit-balikat ako. **"Puso pala ni Lovemir ang tatapos."**

Seryoso siyang bumuntong-hininga. **"You're blessed."** Ngumiti siya at iniyakap ang braso sa likuran ko.

"It was really hard," nakatingala kong sinabi. **"But everything is worth it. Because in the end, I have you,"** saka ako nagbaba ng tingin sa kaniya at ngumiti.

"Naks!" nangibabaw ang tinig ni Tob. **"Panay ang pang-uuto natin, ah!"**

"Tch!" natatawa ko siyang nilingon.

"Kumusta ang trabaho, 'dre?"

"Ayos naman. Kayo, nag-e-enjoy ba?" nilingon ko ang iba pa naming kasama.

"Sobra!" sagot ni Migz. **"Si BJ ba naman ang kasama."**

"Intrimitida ka, bakla, ah! Ako na naman ang inaano mo, eh!" angil ni BJ.

Nilingon ko si Maxpein nang maramdaman ko siyang tumawa. Pakiramdam ko ay gusto kong huminto at panoorin siya.

"Bukas ng umaga ay lumangoy tayo," sabi ko. **"Gusto kong mag-jetski."**

"Paulit-ulit, ah? Oo nga, magdye-jetski tayo," pabirong ani Taguro.

"Sa hapon naman ay mag-island hopping tayo," suhestiyon ko. **"Puntahan natin ang isla mo, babe."**

"Tss. Wala ka namang makikita ro'n kundi mga tuyong dahon ng puno, at buhangin na wala sa ayos."

"Ayos lang 'yon. Gusto kong makita ang lahat ng pag-aari mo." Ngumisi ako.

"Sure," mayabang na sagot niya. **"Hindi pa maayos ang lugar pero pwede namang tambayan kung langoy-langoy lang."**

"Sisid, pwede?" pabirong bulong ko. Sumama ang tingin niya at nakita ko siyang lumunok.

"Kaya ba ng jetski iyon?" tanong ni Michiko.

Umiling si Taguro. **"Magyate nalang tayo,"** kumindat siya.

Sabay-sabay kaming naghapunan sa napakahaba at malawak na mesang pinagdikit-dikit. Walang kasinsaya ang sandaling iyon. At nakakatawang panoorin na kung umasta ang pamilya ko at si Maxwell, ay para bang wala kaming pinag-usapan kanina lang. Ni isa sa kanila ay hindi nagpahiwatig nang tungkol doon. Tuloy ay naiisip ko kung may nalalaman ba ang ibang myembro ng Moon tungkol doon.

Nang gabing iyon ay naranasan ng *Netjae* at ni Bitgaram kung paano kaming magsaya kapag magkakasama. Hindi mawala ang mga ngiti sa kanilang labi nang magsimula ang kantahan. At hindi kapani-paniwalang napapalakpak sila sa paghanga nang magsimula na ang sayawan. Syempre, sina Parrot, Yaz at Migz ang bida sa kantahan. Kami naman nina Lee, Tob at Taguro ang bida sa sayawan. Ang ilan pa naming kaibigan ay nakisaya.

Sa sandaling iyon ay hiniling kong sana ay 'wag nang matapos ang masarap na pakiramdam na iyon. Na sana ay huminto ang oras sa magandang sandaling iyon.

"Kumusta ang paglilibot ninyo ni Bitgaram, babe?" kaswal kong tanong matapos kumain.

Napabuntong-hininga siya. **"Ayos naman. Nagyaya rin siyang magpahinga pagkatapos."**

"Sinamahan mo naman siya?" nakangising tanong ko.

"Syempre, hindi. Tss."

"Akala ko, hanggang doon ay magpapakabida ka."

"Asa."

"Bukas, solo kita, ha? Hindi pwedeng mahati ang atensyon mo."

"Sure," nakangiting sagot niya.

"Hanggang gabi," pabulong na namang sabi ko. Hindi siya nakasagot, at nag-iwas lang ng tingin. **"Babe..."**

"Ano na naman ba?" nakasimangot siyang lumayo at sinamaan ako ng tingin.

"'Yong kanina..."

"'Wag mo nang ipaalala!"

"Bakit?" natatawa kong tanong.

Kunot-noo siyang nag-iwas ng tingin. **"Nahihiya ako."**

"Ano ba'ng nakakahiya ro'n, eh..." binitin ko ang sasabihin.

"Ano!" asik niya.

"Masarap ba?" nakagat ko ang aking labi.

Napapikit siya sa inis. **"Tigilan mo na!"** Nasapo niya ang batok at yumuko ng todo sa mga siko niya.

"Taguro..." isinugod ko ang mukha sa pisngi niya. **"'Yong ungol mo..."**

"Napakamanyak mo," mariing asik niya. **"Kapag may nakarinig sa 'tin, patay ka sa 'kin."**

"Hindi na," tatawa-tawa ko siyang inakbayan.

Hindi na ako nagbiro. Pero ang isip ko ay puro kalokohan na ang laman. Kung kanina ay para akong nakalutang sa ulap. Ngayon naman ay para na akong nasa langit dahil sa masarap na alaalang idinulot ni Taguro. Napakaloko ng utak ko.

"Hindi pa ba kayo matutulog?" tanong ni Heurt na sinadya kaming puntahan sa mesa. Doon lang namin napansin na wala na ang karamihan sa mga kasama namin. Ang natira ay kami na lang magkakaibigan.

"Matulog na tayo, maaga pa tayo bukas," ani Maxpein.

"Mag-snorkeling tayo," ani Maxwell.

"Gosh, niyayaya mo ba ako?" hindi makapaniwalang palahaw ni Yaz.

"Yes."

"Oh, my gosh... Seriously?"

Napabuntong-hininga si Maxwell. **"Yes."**

Bagaman natuwa ay sumimangot si Yaz mayamaya. **"Ano ang nakain mo at bigla mo akong niyaya, Maxwell?"**

"Wala naman. Gusto ko lang may makasamang pwedeng ipalapa sa isda kapag nagkatyempuhan."

"What?!"

Imbes na sumagot ay tumawa nang malakas si Maxwell at tumayo. Kumakaway siyang nagpaalam sa amin na mauuna na sa kwarto.

Awtomatiko na rin kaming nagsipagkilusan at sabay-sabay na pumunta sa kani-kaniyang kwarto. Nanguna nang nagpaalam sina Keziah at Kimeniah. Kapansin-pansin ang mga naiilang at pag-iiwas ng tingin ni Kim sa akin. Nagpaalam na rin sina BJ at Migz. Ang inihatid namin sa kani-kaniyang kwarto ay sina Parrot at Michiko, at sumunod ay sina Lee at Tob.

Nang maiwan kami ni Taguro ay hindi na mawala ang ngiti sa labi ko. **"Ihahatid na kita sa kwarto mo,"** sabi ko.

"Mm," tipid niyang sagot. Tahimik kaming naglakad, magkahawak lang ang mga kamay. Panay ang lingon niya sa kung saan, habang ako naman ay pinapanood siyang mailang.

"Babe..." pagtawag ko.

"Oh?" hindi man lang ako nilingon.

"I love you."

"I love you, too."

"I miss you."

"I miss you, too."

"I want to kiss you."

"Inaantok na 'ko."

"Tch." Sumabay ako sa paglalakad niya at bahagya siyang niyukuan. **"Bakit ang tahimik mo?"** nakangising tanong ko.

Nag-iwas siya ng tingin. **"Dati naman na akong tahimik."**

"Ano ang iniisip mo?"

Ngumuso siya. **"Wala."**

"Meron."

"Wala nga!"

"Ako 'kako, meron." ngumisi ako.

Nakasimangot siyang nag-angat ng tingin sa 'kin. **"Ano'ng iniisip mo?"**

"Ikaw, syempre," humalakhak ako.

Lalong sumama ang mukha niya. **"Ano na naman ang iniisip mo tungkol sa 'kin?**

Sumeryoso ako kunyari saka nagkibit-balikat. **"You're just running through it."**

"Tss," nag-iwas siya ng tingin.

Yumuko ako sa tainga niya. **"Naked."**

Awtomatiko siyang umiwas. **"Sira-ulo mo! Do'n ka na nga sa kwarto mo!"**

"Tch. Ihahatid na kita."

"Kaya kong mag-isa."

"Gusto pa kitang makasama."

"'Wag na. Mang-aalipusta ka lang, eh."

Nagugulat akong tumunghay sa kaniya. **"I don't like your choice of words, Maxpein."** Saka ako sumeryoso. **"Ihahatid lang kita sa kwarto mo. Wala na."** Napabuntong-hininga ako saka tumahimik. Nanahimik naman siya at nag-isip na animong nakonsensya.

Nang makarating kami sa kwarto niya ay huminto ako sa pinto. Hinintay kong magsabi siya na tumuloy ako. Talagang hindi ako nagkusa.

Nakanguso, nakokonsensya siyang sumulyap sa akin. Saka siya nag-isip habang nagkakamot ng patilya. **"Uhm..."** wala siyang nasabi.

"Have a good night's sleep," nakangiti, kaswal kong sagot. Sa isip ko, maski halik ay hindi ko gagawin sa kaniya sa gabing ito, para hindi niya na ulit gamitin ang salitang kaniyang ginamit. **"Don't forget to check your desk, I left something for you."** Tumango ako at sumenyas. **"I'll go ahead."**

"Wait, ano 'yon?" pigil niya sa akmang pagtalikod ko, saka bumaling sa mesa.

Panakaw akong dumungaw sa pinto para tingnan siyang lapitan iyon. Napangisi ako nang makita siyang magulat sa bungkos ng puting rosas. Natawa naman ako nang buksan niya ang paperbag at panlakihan ng mga mata. Bago pa siya lumingon sa gawi ko ay tahimik na akong lumabas ng pinto.

"Deib..." pagtawag niya nang muling makalapit.

"Babe," tiim-bagang na pagtatama ko.

"Babe nga," nakasimangot niyang sabi saka lumapit sa 'kin nang may nakokonsensyang mukha. Nagpatangkad siya at humalik sa labi ko. **"I'm sorry."**

Napangisi ako. **"Saan?"**

Kunot-noo siyang ngumuso at nagbaba ng tingin. **"Doon sa salitang sinabi ko. Sorry kung na-offend ka."**

"Wala 'yon."

"Manyakis ka kasi."

"Tch." Sumeryoso ako. **"Hindi na mauulit."**

Awtomatiko siyang nag-angat ng tingin sa akin. **"Sorry na nga."**

"Okay, I forgive you. It's not a big deal."

"Galit ka, eh."

"No," ngumiti ako.

Ngumuso siya. **"Galit ka."**

Natawa ako. **"Hindi nga,"** saka ngumiti nang sinsero.

"Ang sabi mo ay hindi na muulit?" nakalabing aniya.

Natigilan ako saka humalakhak. **"Tinatawag mo 'kong manyak, eh."**

"Totoo naman."

"Kaya nga hindi na mauulit," nakangisi kong sagot saka ako tumunghay sa kaniya. **"Bakit, gusto mo bang ulitin ko? Pabor sa 'kin 'yon, Taguro."**

Awtomatiko siyang lumayo. **"'Ayan ka na naman, eh."**

"Joke," umayos ako ng tindig.

"Thank you dito," bigla ay para siyang kinilig. Nakapikit niyang inamoy ang bulaklak at saka ngumiti nang matamis. Nag-angat siya ng tingin at muling umastang magnanakaw ng halik nang bigla akong umiwas. Sumama na naman ang mukha niya.

"Tama na 'yong isa, kapag umulit ka, papasok na 'ko," ngumisi ako.

"Isa na lang," sumenyas siya ng isa habang nakalabas ang dila.

Muli siyang nagpatangkad at sumunggab ng halik sa akin. Doon ay hinapit ko na ang kaniyang baywang at saka ako tumuloy papasok ng isang hakbang. Mapanukso ko siyang hinalikan, iyong sa paraang alam kong magugustuhan niya at magpaparaya. Ganoon nga ang nangyari. Mayamaya lang ay naramdaman ko ang kamay niyang pumupulupot sa leeg ko upang lalo akong maidiin sa labi niya. Doon naman ako nakangising huminto dahilan para mabitin siya.

"Baka may makakita," nilingon ko ang tahimik na hallway saka ko pinunasan ang labi niya. **"Matulog ka na."**

Nagsalubong ang kilay niya at bahagyang ngumuso. **"Inaantok ka na ba?"**

This is it, Deib Lohr! **"Hindi,"** seryosong sagot ko, sa isip ay nakangisi ako. **"Baka lang kasi may magawa na naman akong ikaaalipusta mo."**

"Babe..." hinawakan niya ang polo sa magkabilang gilid ko at bahagya iyong hinila-hila. **"Hindi naman kasi gano'n kasama ang ibig kong**

sabihin."

Sinadya kong mameke ng tawa, nagpapanggap. **"Hindi na, baka mamanyak na naman kita,"** mariing sabi ko.

Nagbaba siya ng tingin, pinaglalaro ang mga palad sa likuran ko. **"Magpapamanyak na ako."**

Nanlaki ang mga mata at tainga ko, gustong-gusto ang narinig. **"Sira ba ulo mo?"**

"Galit ka kasi."

"Hindi ako galit."

Yumuko ako at hinalikan siya sa pisngi. Sinadya ko iyong dampi-dampian ng halik paibaba sa leeg, pabalik sa kaniyang labi. Gusto kong matawa dahil ang kamay niya ay nandoon na sa batok ko, lalo akong idinidiin.

"Inaantok ka na, hindi ba?" tanong ko habang hinalikan ang kaniyang tainga.

Hindi siya sumagot kaya naman nakapikit akong nagpatuloy. Ngunit sira nga yatang talaga ang ulo ko. Dahil sa birong ginagawa ko ay ako rin ang nahulog. Sa sandaling iyon ay hindi ko na rin matigilan ang halikan siya. Ang kaninang mapanuksong halik ko ay natuluyang magkatotoo.

Nang muling magdaop ang mga labi namin ay itinulak ko siya papasok upang maisara ko ang pinto. Isinandal ko siya doon at saka hinalikan. Mula sa kaniyang mga pisngi papunta sa kaniyang labi, hanggang sa umabot iyon sa leeg at maglaro sa tainga. Ngunit para hindi makagawa ng kasalanan ay itinuon ko ang pareho kong kamay sa pinto.

Pero sadyang mapaglaro si Taguro. Talagang kinuha niya ang mga kamay ko nang hindi pinaghihiwalay ang mga labi namin. **"I want your hands on me, babe..."** paungol niyang sinabi, pinupuntirya ang pinakamahinang parte ng pagkatao ko.

"You're dangerous," nakangising sabi ko saka hinawakan ang katawan niya.

Ang mga kamay kong may sariling utak ay pumunta sa ipinagbabawal na parte. Ang pakiramdam habang ginagawa iyon ang bumubuhay sa natutulog kong katinuan.

Nang muli siyang umungol ay gusto ko nang punitin ang manipis niyang suot. Pero dahil kailangan kong labanan ang sarili ko, dahil kailangan kong magpigil, hinawakan ko ang kaniyang likuran at doon pumisil nang pumisil.

Humiwalay siya sa labi ko at namumungay tiningnan ako sa mga mata. Tila lasing sa malalim na halik, nang-aakit at naghahanap pa. Pinagmasdan ko lang ang mukha niya. At susunggaban ko na sana uli ang labi niya nang maramdaman ko ang kamay niyang bumababa. Mula sa leeg ay mapanukso iyong gumuhit papunta sa dibdib ko.

Nangunot ang noo ko at pinanood ang kamay niya. Mula sa dibdib ko ay dumausdos iyon sa tiyan ko. Paibaba sa ilalim ng tiyan...hanggang sa marating niya ang Laguna.

"Babe," nagpipigil kong sambit.

Ngunit sa halip na sumagot ay tinanggal niya ang belt ko. Nag-angat siya ng tingin sa akin at tumitig habang kinakalas ang pagkakabutones ng pants ko. At talaga namang napalunok ako nang dahan-dahan niyang ibaba ang zipper ko.

"What are you doing?" langong tanong ko.

"I want to feel you," sambit niya saka nagbaba ng tingin doon.

"You can't do that," tanggi ko. Pero ang buong katawan ko ay sumisigaw ng pagpayag.

"Of course I can," pabulong niyang sabi.

Napatitig ako sa kaniya, at nakita ko siyang matigilan at bahagyang magulat. Napapalunok siyang nag-angat ng tingin sa akin. Ngunit kahit gustuhin ko siyang titigan at panoorin ay napapikit na ako nang magsimula siyang kumilos doon.

Ang mainit na palad ni Taguro ay pinagliliyab ang buong katawan ko. Sunod-sunod ang paglunok ko at halos hindi ko na maimulat pa ang mga mata ko.

"This is how I want to end my virginity," mapanuksong bulong niya, may landi sa pagtawa. **"You're...a big deal,"** namamangha, napapalunok na bulong niya saka binilisan ang ginagawa.

Fuck... **"You're not sane,"** bulong ko.

Sa isip ay sunod-sunod ang aking pagmumura. At bago pa ako mawala sa katinuan ay hinawakan ko na ang pisngi niya at saka siya muling hinalikan.

~To Be Continued. . . ~

OceanofPDF.com

HE'S INTO HER

HE'S INTO HER
DEIB LOHR'S POV

HINDI KO malaman kung paanong titingnan nang deretso si Taguro matapos ang hindi mapangalanang sandali sa pagitan namin. Nararamdaman ko ang paningin niya, nakapako ang mga mata niya sa akin. At halos bumaon naman ako sa kinatatayuan dahil sa lintik na kahihiyan. Sa isang iglap ay nagkabaliktad kami ng sitwasyon ni Taguro. Parang alam ko na ngayon kung ano ang naramdaman niya matapos kong papakin ang Bataan niya.

Noon pa lang bumabalik sa normal ang mga nanindig kong balahibo. Mabilis pa rin ang tibok ng puso ko. At hindi nagbabago ang nanghihina kong mga tuhod. Ang nakakakiliting pakiramdam sa kalooban ko ay nandoon pa rin. At nasisiguro kong si Taguro lang ang makagagawa niyon, iba ang epekto!

Nasapo ko ang aking batok at mariing napapikit. Tahimik akong bumuntong-hininga at sadyang napakabigat niyon. Nagkalat ako at wala ako maski katiting na lakas ng loob na linisin iyon ngayon. Hindi ako makakilos. Hindi ko alam kung anong reaksyon ang gusto kong ipakita sa kaniya. Nilalamon ako ng matinding kahihiyan!

"Ano'ng pakiramdam?" bigla ay tanong niya!

Natigilan ako at agad na kinabahan. Napapalunok akong sumulyap sa kaniya. **"What?"** kunot-noo ngunit mahinahong tugon ko.

"How does it feel?" malambing niyang tanong. At kung hindi ako nagkakamali ay sinasadya niya iyong haluan ng landi, nang-aasar.

I must admit that my brain is still in its subconscious state. We are here, I can see and touch her, but my mind wanders in an ocean of ecstasy. There's a feeling of exhiliration. What she did was unworldy. It's like we're sharing souls and energy.

Napatitig ako sa kaniya at hindi nakapagsalita. Dahil sa sandaling iyon ay naisip kong ganoon pa lang ang ginawa niya, ano pa kaya ang mararamdaman ko kung higit pa ro'n ang aming ginawa?

I have done that myself out of necessity, well, curiousity at first, but the pleasure and satisfaction were far different. But Maxpein's way made her my most wanted alternative to euphoria.

"Woi," untag niya. **"Bakit namumula ka?"** tila natatawa siya.

Humugot ako nang malalim na hininga ngunit bumara lang 'yon sa lalamunan hanggang sa dibdib ko. Hindi ko nagawang magsalita, masiyado talaga akong nahihiya. At dahil sa nanunuyang titig niya ay gusto kong takpan ang mga mata niya. Nawala ako sa sarili ko at hindi ko malaman kung paanong babalik.

"Are you okay?" natawa na siya nang tuluyan.

"Shut up, babe," pabulong na sagot ko.

"Napagod ako," sinabi niya iyon na para bang kilo-kilometro ang tinakbo! Narinig ko siyang bumungisngis!

Nakagat ko ang labi ko sa inis. **"Keep your eyes on me,"** mahinang asik ko nang akma siyang magbababa ng tingin doon. **"Don't make a move,"** nagbabanta kong sabi.

Sumilay ang nakakalokong ngisi ni Taguro, iyong maangas at napakalakas ng dating. **"Linisin natin?"** nagpipigil ng tawa niyang sabi.

Napalunok muli ako. **"Ako na,"** angil ko, halos pumiyok pa.

Nagmamalaki ang ngiti ni Taguro, nuknukan ng kayabangan. At hindi lang tagumpay ang mababasa sa kaniyang mga mata. Iyon 'yong ngiti na animong ibinato ang mundo kay Ysay na buong pwersa namang pinalo nito at nasalo ni Taguro. Gano'n kayabang!

Pakiramdam ko ay naramdaman kong kumulo nang panandalian ang buong mukha ko. Kulang ang salitang kahihiyan para ipaliwanag ang aking nararamdaman. Napapikit ako nang makitang umiiwas na lang siya ng tingin dahil tawang-tawa na siya sa akin. At ayaw niyang ipakita sa 'kin 'yon dahil nababasa niya ang kahihiyan ko.

Hiniling ko nang sandaling iyon na sana ay lamunin ako papalabas ng pinto. Na sana ay lunukin ako nang buo ng sahig. Kung pwede lang ay higupin na ako ng kisame. Walang kapantay ang kahihiyan na nararamdaman ko nang sandaling iyon. At hindi ko alam kung saan pa ako humuhugot ng lakas ng loob na tingnan siya nang harapan. Hindi ko akalaing ganoon kakapal ang mukha ko para magawa ko pa siyang harapin.

"Pupunta ako sa banyo," aniya na bahagyang inagaw ang braso niyang hindi ko namalayang hawak ko pa.

"Bakit? Anong gagawin mo ro'n?" aligagang tanong ko. Ayaw kong tingnan niya ang kalat ko. At mas ayaw kong sulyapan niya ang nakalabas kong lalawigan.

Ngumuso siya saka ngumisi! **"Huhugasan ang kamay ko."** Naitikom niya ang bibig upang pigilang tumawa, pero ang malaking pagkakangiti niya ay nakakainsulto sa mata. Ngunit iyon 'yong insultong imbes na galit ay hiya ang ibinibigay sa 'kin. **"Kailangan kong hugasan ang kamay ko, babe,"** seryoso nang aniya. Ngunit halatang pilit ang kaniyang pagiging seryoso, ayaw akong maasar nang todo.

Bumagsak ang mga balikat ko, napayuko ako nang todo. **"Kasalanan mo 'to, Taguro."**

"Inano kita?"

Sinamaan ko siya ng tingin. **"Tch,"** mas lalo pa yata akong namula. **"Inano mo naman talaga ko."**

Namilog ang labi niya. **"Inano?"** naghahamong tanong niya, gustong sabihin ko nang deretso kung ano ang ginawa niya.

"I...Inano!"

"Ano?" nakangisi lalong hamon niya.

"Aish!" binitiwan ko sa inis ang braso niya. **"Tinatawag mo 'kong manyak, isa ka rin pala."** Gusto kong magbiro para asarin siya pero mas naaasar ako, at lahat nang iyon ay dahil sa hiya. **"Kasalanan mo 'to. Tsk."**

"Wow. Inabuso?" asik niya. **"Kung manisi ka ay para bang minolestya kita. Tss. Woi, ikaw ang nagsimula! Kasalanan mo!"**

"Sa'n mo natutunan 'yon, ha?"

"Tss, kailangan pa bang pag-aralan 'yon? Nasa'n ang eskwela para ro'n?"

"Hindi! Tch. Pero natututunan 'yon, Taguro. Nanonood ka ng porno, 'no?"

"Excuse me. Tss," kunot-noo siyang nag-iwas ng tingin. **"Iilan-ilan lang naman ang parte ng katawan na itinatago ng tao, kaya hindi mahirap hanapin 'yon. Saka iisa lang din naman ang hugis niyan..."** akma siyang magbababa ng tingin sa lalawigan ko nang bantaan ko siya. **"Kaya dalawa lang ang direksyong pwedeng puntahan. Taas at baba."** Nagpigil siya ng tawa.

"Ah!" tinango-tanguan ko siya. **"Taas at baba pala, ah!"** sinamaan ko talaga siya ng tingin. **"You're a freak!"**

"Every girl is a freak, babe. But only Deib Lohr can bring the freak out of Maxpein."

Sa halip na sagutin ay mas sinamaan ko pa siya ng tingin. O iyon lang talaga ang kaya kong gawin. Dahil sa sandaling iyon ay aaminin kong natalo na naman ako. *Kailan kaya ako mananalo sa tinik ng pagdadahilan nito? Tch.* **"Mauna ka na nga sa banyo!"**

Hindi ko inaalis ang tingin sa mga mata niya. Sa gano'ng paraan ko hinihiling na sana ay 'wag niya ring alisin ang tingin sa mata ko. Ayaw ko talagang tingnan niya ang ikinalat ko.

"Gusto mo ng tissue?" mapanukso, nang-aasar, nang-iinis, nanggagalit, nambu-bully na tanong niya!

Binantaan ko siya ng tingin. **"Are you playfully torturing me, Maxpein?"** may gigil sa boses ko.

Nakanguso siyang nagkibit-balikat. **"Torture pa ba 'yan sa 'yo? Sarap ng torture mo, ah?"** unti-unti siyang nagbaba ng tingin at umangat lang muli iyon matapos kong pumadyak sa sahig. **"Kung ganito rin lang ang torture, grabe, ang sarap magmahal ng isang Maxpein."**

"Go to the bathroom and wash your hands!" asik ko.

Dumila siya at saka maarteng tumalikod sa akin, pinalipad pa talaga ang buhok! Kunot-noo ko lang siyang pinanood na pumasok sa bathroom. Saka ako dumampot ng tissue at nilinisan ang kalat ko.

Damn it! Napapikit ako nang makita kung gaano iyon karami! Gitil kong sinulyapan ang bathroom. *Kasalanan mo 'to, Taguro! Kasalanan mo lahat-lahat!* Madali ko iyong nilinis. At nalito pa noong una kung saan iyon itatapon. Ilang beses kong pinunasan ang sahig, binuhusan ng alcohol saka nag-spray ng pabango sa buong kwarto. Iyon ang pinakamatindi kong kahihiyan.

Matapos niyon ay sumunod ako sa banyo. Natural, nilingon niya agad ako. Nakakainsulto talaga ang ngiti niya nang sandaling magtamang muli ang paningin naming dalawa. Kasalukuyan niyang tinatapos ang paghuhugas, at deretsong nakatingin sa akin mula sa salamin.

"What are you looking at?" agad na angil ko.

"I know how embarrassing that was." Inosente siyang nagkibit-balikat. **"I understand you, babe,"** sinabi niya iyon nang pagkalambing-lambing, gusto kong kilabutan sa paninibago.

Naiinsulto akong ngumisi. **"Shut up."**

Hinila niya hand towel at buong yabang na humarap sa akin. **"I meant to behave but...you're too tempting,"** nagkibit-balikat muli siya.

Dahan-dahang bumaba ang kaniyang paningin mula sa aking mga mata, papunta sa lalamunan. Unti-unting gumuhit ang nakakaloko at maangas na ngisi ng isang del Valle nang tumama iyon sa aking tiyan. Kagat niya na ang labi nang tila maaninag ang nagtatagong lalawigan ng Laguna.

Napalunok ako ngunit hindi iyon ipinahalata. **"Do you like what you see?"** tudyo ko.

"Oh, I loved it," tatango-tango, nanunukso, nang-aasar na sagot niya! Muli niyang pinairal ang kalokohan nang pasadahan niya ng tingin ang buo kong katawan. At sinasadya niyang huminto sa lalawigan ko ng kahinaan!

"Stop it!" asik ko.

"What?" humalakhak siya.

"You're undressing me with your eyes, you're such a tease," masungit kong sinabi saka nilampasan siya.

Ngumisi siya. **"You taught me to please."** Sa tono niya ay para bang kailangan ko iyong ipagmalaki sa buong mundo. **"But I must admit, I could not remember wanting to touch something so...bad..."** halos ibulong niya sa pang-aakit ang mga huling salita.

Napamaang ako saka unti-unting ngumiti, umaangat ang kilay niya. **"Seriously?"**

"Ah-huh!"

"You're not fair, Maxpein. Should I make it fair?" nang-aasar kong tanong saka muling nilingon siya. **"What do you think?"** Nagsimula akong humakbang papalapit sa kaniya. At nakita ko kung paanong siyang natigilan. **"Do you want me to make it fair, babe?"**

"Ha?" nautal, hindi agad siya nakapagsalita.

Nagulat siya nang bigla ay hubarin ko ang pang-itaas kong damit. Nasapo niya ang dibdib, at bahagyang napaatras nang simulan ko ang pagbubukas ng pants.

"What are you doing?" animong nakakita ng multong tanong niya.

Sa halip na sumagot ay ibinaba ko ang zipper at basta na lang iyon ibinulatlat hanggang sa magkusa iyong bumagsak sa sahig. Sa hitsura niya ay para bang nanuyo ang lalamunan niya sa isang iglap.

Nayakap niya ang sarili at tumingin nang may takot sa akin. **"Ano'ng gagawin mo?"**

Umarko ang labi ko sa nakakalokong ngiti saka ako huminto. **"Stop teasing me, Maxpein. You know I crave for nothing but you,"** banta ko. **"I've been wanting to take a romantic bath with you."** Humakbang ako papalapit sa kaniya. **"Do you think it's a good idea?"**

"Of course...not," tatawa-tawa siyang lumayo.

"Shower together?"

"No way."

"How about a bubble bath?"

"No, thanks. Hehe."

"Tch."

"I love you."

"Maliligo ako. Lumabas ka."

Napalunok siya saka muling nag-angat ng tingin sa akin. **"Maliligo ka talaga?"**

"Gusto mong sumama?"

Dagli siyang umiling. **"Bakit dito? May kwarto ka."**

"Bakit doon, eh, nandito ka?"

"Tss."

"Dito ako matutulog."

"Dito sa banyo?"

"Wow, Taguro..." Napatingala ako sa sobrang pagkabilib sa kaniyang biro.

"Sa tabi ko?"

"Pwede rin naman sa veranda. Gano'n ka ka-sweet, 'di ba?" Nag-iwas ako ng tingin. **"Makakatulog naman ako kahit saan basta kasama ka."**

"Hindi ka makakatulog."

"Makakatulog ako. Lumabas ka na."

"Kukulitin mo 'ko at hindi ka makakatulog."

"Tch. Ikaw ang makulit. Lumabas ka na, kung ayaw mong maligo tayong dalawa. O nangungulit ka talaga para isabay kita?"

"'Eto na, ikaw naman," kumaway siya sa 'kin. Papasok na sana ako sa shower room nang dumungaw siyang muli sa pinto. **"Ang cute nga pala ng boxers mo, babe."** Ngumisi siya saka pabagsak na isinara ang pinto.

Napangiwi ako. **"Sira ang ulo mo, Taguro,"** iiling-iling na bulong ko.

Ang inaasahan ko ay sandali lang akong maliligo, natural na sa 'kin 'yon. Pero nang sandaling maalala ko ang ginawa ni Taguro ay natagalan na ako.

Napapikit ako sa inis at kahihiyan nang maalala kung paanong humigpit ang kapit ko sa kaniya bago ko marating ang alapaap. Noon lang ako nakaramdam ng kakaiba nang dahil sa palad ni Taguro. At hinding-hindi ko makakalimutan kung gaano kasarap ang pakiramdam na 'yon. Hindi na ako makapaghintay na maulit.

Bago lumabas ng banyo ay siniguro kong handa na akong harapin muli si Taguro. Iyong hindi na ako mahihiya. Iyong kaya ko nang ibato ang pang-aasar sa kaniya. Iyong ako na ulit ang bida.

"Ang tagal mo," nakasimangot na aniya saka bumangon at lumapit sa cabinet. Ibinato niya ang isang pares ng pantulog sa akin.

"Ano 'to?"

"Isuot mo."

"Matutulog ako nang ganito," natatawang sabi ko, ibinabalandra ang bath robe ko.

"'Wag na, mahahamugan ka."

"Ha?" hindi ko nakuha ang walang-kwentang biro niya.

"Doon ka sa veranda, hindi ba?" saka siya tumawa.

Nameke ako ng tawa. **"Umiral ka na naman sa pagiging clown, Taguro. Kailan ka ba magre-retire diyan?"**

"Tss." Hinila niya ang kaniyang bathrobe saka pasiring na inalis ang paningin sa 'kin.

"Do you want me to join you?" nang-aasar kong tanong.

"Abusado ka, ah?" angil niya. **"'Tsaka na,"** saka siya ngumisi.

"Kailan?" pabirong tanong ko.

"Depende sa 'yo," lumabi siya.

"Kanina ay niyayaya kita, bakit hindi ka pumayag?"

"Dahil ayaw ko."

"Bakit?"

"Bakit ako sasabay sa 'yo?"

"Para makatipid sa tubig?" pabiro kong sagot.

"O para makapangmanyak ka na naman?"

"Pareho?" natatawang sagot ko.

"Manyakis!"

"Mahilig!"

Nanlaki ang mga mata niya. **"Anong mahilig?!"**

"Mahilig magpamanyak," inilabas ko ang dila ko sa pang-aasar.

"Ang kapal mo!"

"It's alright, Maxpein," ngumisi ako. **"Nasa tamang edad naman na tayo, hindi ba?"**

"Wala namang tamang edad sa pagligo."

Nawala ang ngiti sa labi ko. *Pilosopo talaga. Tch.* **"Iyong pagsasabay ang tinutukoy ko. May tamang edad para ro'n, Taguro, kung hindi mo alam. Tch."**

"Alam ko," bagaman nakangiti ay sumilip ang pagiging seryoso niya. Mukhang may malalim na pinaghuhugutan. **"Hindi 'yon ginagawa ng magnobyo lang."**

"Sino ang gumagawa no'n, kung gano'n?"

"Sino nga ba?"

"Ugali mo na talagang magbalik ng tanong."

"Mas nakakatalino 'yon."

"Tch."

"Maliligo na 'ko."

"I love you." Kinindatan ko siya. **"Makakapagtiis pa naman ako at makapaghihintay, alam kong makakasabay rin kitang maligo."**

Napalingon siya. **"Kailan?"** tanong niya, umaasa.

"Ikaw yata ang hindi makapaghintay na makasabay ako, eh? Sasabayan na kita ngayon," umasta akong lalapit.

"Tss. Hindi naman 'yon ang tinutukoy ko," muli siyang nag-iwas ng tingin. At umabot sa 'kin ang lalim ng kaniyang buntong-hininga. Gusto kong matawa.

Gusto kong isipin na nagbibiro siya. Pero dahil bumalatay ang pagiging seryoso niya ay napaisip ako. Mukhang may hinihintay siyang sagot mula sa akin. Sagot na may kasiguraduhan. Sagot na pareho naming kailangan, hinihintay, at matagal nang inaasam.

Napangisi ako. **"Kailan nga ba?"** ibinalik ko ang tanong sa kaniya.

"Ang alin?" tugon niya, nabuhayan ng pag-asa.

"Ang alin nga ba?" pigil ang tawang sagot ko. Gusto kong magmula ang mga sagot sa bibig niya.

"Ewan ko sa 'yo," nakasimangot siyang nag-iwas ng tingin. **"Bahala ka sa buhay mo."** Siniringan niya ako. **"Lapain ka sana ng aso ni Maxrill. Lamunin ka sana ng dagat na pag-aari ng gobyerno pero nasasakop ng lupain ng mga Moon,"** bubulong-bulong niyang sabi.

"Narinig ko 'yon, Taguro."

"Natural!" asik niya. **"Ganiyan ang pandinig ng mga tsismosong gaya mo!"**

"Grabe..." namamangha, natatawang sabi ko. **"I love you, babe."**

Sumimangot siya at hindi sumagot. **"Tss."**

"Babe!"

"What?"

Napabuntong-hininga ako. **"I love you..."** Sinabi ko iyon nang malambing, walang halong biro, nagmula sa puso.

Ngumiti siya pero hindi iyon umabot sa mga mata. Nahalata kong natigilan siya kahit pilit niya iyong itinago. At sa halip na sumagot ay lumabi siya at saka mayabang na pumasok sa bathroom.

Tsk tsk tsk. Hahaha! Taguro...Taguro...Taguro... Hindi na uubra sa 'kin ang ganiyang kilos mo.

Pakiramdam ko ay alam ko nang sandaling iyon ang laman ng isip ni Taguro. Ang totoo ay hindi ako sigurado pero may kung ano sa kalooban kong nagsasabi na tama ako. Alam ko kung bakit hindi niya nagawang sagutin ang tanong ko. At alam ko ang sagot niya sa tanong ko. Alam ko. Nasisiguro ko. Kasal ang gustong isagot sa 'kin ni Taguro. At ayaw niyang magmula iyon sa kaniya. Dahil ang kasiguraduhan, at ang kagustuhan niyang makaramdam ng masarap na pakiramdam, ay magmumula lamang sa akin. Gano'n niya ako kamahal.

Nagbihis ako saka nakangising pumuwesto sa kama. Tumingala ako sa kisame at prenteng pinaglakbay ang malikot na isip ko. Syempre, sinimulan ko 'yon sa ginawa ko kay Taguro hanggang sa ginawa niya sa akin. Tuloy ay hindi ko namalayan ang tagal ng pagligo ni Taguro.

Nahinto lang sa paglilikot ang imahinasyon ko nang may marinig akong nahulog mula sa banyo. Napalingon ako sa pinto. At babale-walain ko na sana iyon nang maalala kong nandoon ang pants ko!

Shit!

Patalon akong bumangon at halos takbuhin ko ang pinto! Ngunit bago ko pa man mahawakan ang siradura ay bumukas na iyon at bumungad sa akin ang nakangusong si Taguro.

"Babe..." naiusal ko.

"Ano?" nakanguso niyang tanong.

Napalunok ako. *Bakit ganiyan ang reaksyon niya?* Aligagang hinanap ng paningin ko ang pantalon. Nandoon ang mga singsing! *You're irresponsibly stupid, Deib Lohr!*

"Ano bang hinahanap mo?" asik niya.

"'Yong...pantalon ko," nagpatuloy sa paghahanap ang mata ko.

Ngunit natigilan ako nang iabot niya nang nakatupi sa akin iyon! Napapalunok akong tumitig doon at saka nagbaba ng tingin sa kaniya. Kinapa ko ang kaniyang hitsura. Tinitigan ko siya at sa gano'ng paraan inalam at pinakiramdaman kung nakita niya ba ang mga singsing.

"Ano ba?" kunot-noong angil niya.

"Ano..." hindi ko malaman kung paano siyang tatanungin. **"May narinig kasi akong tumunog."**

"May nahulog—"

"Ano?" alertong tugon ko.

"'Yong sinturon mo."

"'Yon lang?"

Nagtataka siyang sumimangot. **"May iba pa bang mahuhulog? Nasa 'yo ang espada mo. Tss."**

Kinabahan ako. *Nakita kaya niya?* Magaling magtago ng nararamdaman si Taguro. Magaling siya sa lahat ng bagay. Tuloy ay hindi ko masagot ang sarili kong tanong. Gusto kong tanungin siya pero hindi ko alam kung paanong gagawin 'yon nang hindi niya malalaman ang plano kong proposal. Gusto ko siyang masorpresa. Kahit anong atat ko, kahit gaano katindi ang pananabik kong mag-propose sa kaniya, gusto ko pa rin siyang masorpresa. At masisira ko iyon kung sakaling nakita ni Taguro ang mga singsing.

"Babe?" napapalunok na pagtawag ko.

"Ano?"

"May nakita ka ba? Hehe."

"Wala," sumimangot siya. **"Ano ba ang dapat kong makita?"**

"Bakit ganiyan ang reaksyon mo?"

"Ano ba'ng reaksyon ko?"

"What happened to you?"

"What happened to me?" kunot-noong tugon niya.

"Sigurado kang 'yong belt lang ang nahulog?"

"Ano pa ba ang dapat na nahulog?"

"Bakit ba nahulog?"

"King ina, panay tanong ang sagutan natin, ah? Debate ba 'to?" 'ayun na naman 'yong maangas niyang ugali kapag naaasar. Akala mo naghahamon agad ng saksakan.

"I'm sorry," pasimple kong sinuyod ng tingin ang sahig. **"Wala na talagang nahulog?"**

Pinagkrus niya ang mga braso at mataray na tumitig sa 'kin. **"Ano ba 'yong ayaw mong maihulog? May sariling espada rin ba 'tong pantalon mo?"**

"Wala," nakalabi kong sagot.

"May itinatago ka yata, eh?"

"Wala, ah?"

"Ano 'yang itinatago mo, ha?"

"Wala nga!" agad akong tumalikod at pasimpleng kinapa ang mga bulsa ng pantalon. Nakahinga ako nang maluwang nang makapang nasa magkabilang bulsa pa rin ang mga iyon.

"Ano'ng itinatago mo diyan?" habol niya.

"Wala!" dali-dali kong itinago ang pantalon sa cabinet at ini-lock iyon. Itinago ko sa bulsa ng pantulog ang susi.

"Ano 'yan, Deib Lohr!" nagbabanta na ang tinig niya.

"Wala nga, babe," naglalambing kong sagot.

"Condom 'yan, 'no!"

Nanlaki ang mga mata ko. **"Anong condom?"**

"Ano nga 'yon?"

"Tch!" gusto kong matawa pero napipigilan iyon dahil nakahinga ako nang maluwang. Bagaman hindi pa rin ako kampante na hindi niya nakita ang mga singsing. **"Hindi ako gumagamit ng condom, wala akong paggagamitan ng condom, at hindi ako gagamit ng condom sa 'yo. Ikaw lang ang babae ko, at wala ang condom sa mga plano ko, Taguro."** Sinabi ko iyon nang dere-deretso, nakalimutan kong huminga.

"Aba, eh, a-anong proteksyon ko?"

Nagugulat akong tumitig sa kaniya. **"Anong proteksyon?"**

"Sa 'yo!"

"Ha!" natawa ako. **"At inaasahan mo talagang may gagawin ako sa 'yo? Asa! Hanggang tikim lang ako! At ikaw, hanggang hawak lang."**

"Paano ka nakasisiguro?"

"Tch. Kung may gagawin ako sa 'yo, ginawa ko na, kahapon pa."

Tumitig siya nang masama sa akin, tila inaalam kung nagsasabi ba ako nang totoo. **"Tss."**

"Bakit, nag-e-expect ka?" humalakhak ako.

"Hindi, 'no!"

"Umamin ka na, okay lang naman sa 'kin."

"Hindi nga!"

"'Sus," pang-aasar ko.

"Ang sama mo," nakasimangot na aniya saka tumalikod sa 'kin at lumapit sa vanity table.

Tatawa-tawa akong sumunod at yumakap sa likuran niya. **"I don't wanna spoil you, babe."**

"Ano! Ang kapal mo!" pinalo niya ang braso kong nakapulupot sa baywang niya. **"Naniniguro lang ako."**

"Saan?"

"Sa ano..." nakanguso siyang nagbaba ng tingin sa face cream. **"Basta."**

Unti-unti ay gusto ko nang maniwalang wala nga siyang nakitang singsing. **"Sex isn't my priority, Taguro."**

"Hindi halata! Kung makatikim ka nga..." binitin niya ang sasabihin.

"Because you're like a drug to me."

"Kung gano'n, layuan mo 'ko!" tinapik niyang muli ang braso ko. **"Tigilan mo ako. Bawal ako sa 'yo, tss."** Tumawa siya.

"Tch. I'm a disciplined user. I know when to stop tasting you..." mapanukso kong dinampian ng halik ang batok niya. Napakislot siya. **"You're hard to resist but I know when I have taken enough."**

Nagpatuloy ako sa paghalik hanggang sa leeg niya. Sinulyapan ko siya habang ginagawa iyon at napanood kong mamungay ang kaniyang mga mata. Nararamdaman ko sa mga labi ko ang paninindig ng kaniyang mga balahibo. Pero bago pa lumalim iyon ay tinigilan ko na.

Gusto kong matawa nang matapos sumimangot ay ngumuso siya. **"Baka dahil hindi ka kontento?"**

"Hindi naman talaga!" asik ko.

"Kaya nga..." lalo siyang ngumuso. **"Hindi ka kontento sa 'kin kasi hindi pa ako ready."**

Natawa ako. Lalo siyang naasar. **"Hindi ka pa ready niyan, ah?"** nakagat ko ang sariling labi.

"Sige, mang-asar ka," sumasama na ang tingin niya.

"Hey, I'm just trying to make you laugh," muli akong yumakap sa kaniya. Inihilig ko ang aking mukha sa balikat niya saka siya deretsong tiningnan sa salamin.

"Hindi ka kontento?" nahihiyang tanong niya.

"Kontento."

"Sinungaling."

Natawa ako. **"I'm telling the truth, babe."**

"Hindi, eh," ngumuso siya. **"Tss. Hindi talaga!"**

Gusto kong matawa pero lalo lang siyang maiinis, nasisiguro ko 'yon. Babae na talaga ang Taguro ko. Marunong na siyang umarte nang ganito.

"Kontento ako sa naibibigay mo, maniwala ka sa 'kin," sinsero kong sinabi. **"Pero kung katawan ko ang pag-uusapan, syempre, naghahangad 'to nang higit sa naibibigay mo."**

"Nakita mo na!"

"Tsk, babe? It's fine, okay? If you're not ready, then I'm not ready. I'm not gonna force you?"

"Eh...bakit nga ayos lang sa 'yo?" nahihiya niyang tugon.

Ngumiti ako at hinalikan siya sa pisngi. **"My patience is stronger than my whims and desires, babe. I'm willing to wait, no matter how long it takes. Basta siguradong ikaw ang makukuha ko."**

Ngumuso siya. **"Tss."**

"Besides," inilapit ko ang labi ko sa kaniyang tainga. **"Your private parts might be inside these clothes but they belong to me, Taguro."**

"Manyakis." Nakita ko siyang sumiring saka naglagay ng cream sa mukha.

Nakanguso ko siyang pinanood. **"Para saan na naman ang mga 'yan?"**

"Para lang sa babae 'to, 'wag kang atribido."

"Tch." *Slow...* Gusto ko siyang asarin pero iba ang kalokohang umiiral sa utak ko. **"Nahihiligan mo na ang pagpapaganda, ah?"**

"Ayaw mong nalalamangan ka, gano'n? Mas maganda ka pa rin, 'wag kang mag-alala."

"Sino ba'ng pinagpapagandahan mo pa?"

"Ikaw lang naman, ba't ba naghahanap ka pa ng iba?"

"Tch. Kahit wala niyan ay maganda ka."

"Ayoko lang mag-dry ang mukha ko," kunot-noo niyang tugon. **"Gusto mo?"** alok niya.

Ngumisi ako. **"Ng ano?"**

"Tss. Neto," isinenyas niya ang cream.

"Tch."

"Gusto mong maging babae, 'di ba?" tumawa siya. **"Gumamit ka nito, gaganda ka."**

"Sige," kinuha ko iyon at saka ako naglagay sa palad. Nakangisi siyang pinanood ako. **"Gamitin nating pampadulas. Para siguradong maganda ang anak ko."**

Sinuntok niya ako sa braso! **"Sira-ulo mo!"**

Humagalpak ako ng tawa saka muling yumakap sa kaniya. **"Babe..."**

"Oh!"

"'Wag ka nang magalit, babe, nagbibiro lang ako."

"Saan mo natutunan 'yang mga kamanyakan mo? Ibang level na 'yan, ah?"

"Manyak na 'ko sa 'yo, noon pa, 'di ba?"

"Lumala ka ngayon, eh. Lumala ka!"

"Dahil sexy ka."

"Wow, ako pa idinahilan mo."

"Totoo naman," nang-aasar kong sabi. **"Nakakabaliw ang katawan mo."**

"Nasa utak mo na 'yan, ulul ka."

"Tsk. Taguro?" naninita ang tinig ko.

"Ano?"

"Hindi magandang pakinggan sa 'yo ang ganiyang pananalita," nakasimangot kong sabi.

"Wow," singhal niya. **"'Yon ay dinaramdam mo. Pero kung makapangmanyak ka, akala mo legal 'yan sa mundo."**

Natawa ako. **"Sa 'yo ko lang naman ginagawa 'to. At isa pa, hihinto ako kung ayaw mo. Eh, mukha namang..."** binitin ko ang sasabihin. Nanlisik ang mga mata niya kaya hindi ko na itinuloy ang pang-aasar. **"Dito ako matutulog, ah? Tabi tayo."**

"Sige," nakangiti niyang sagot.

"Ayos lang sa 'yo?"

"Oo naman."

"Hmm," nakangisi kong ungol habang tumatango.

"Ano na naman?"

"Wala." Nakangiti ko siyang pinanood na tapusin ang ginagawa. At hindi ko inaasahan na haharapin niya ako at yayakapin.

"I love you, babe," mas hindi ko inaasahang sasabihin niya 'yon nang ganoon kalambing! Nagugulat kong kinapa kunyari ang noo at leeg niya. **"Laos na 'yan, wala akong lagnat."**

"Eh, bakit ang init mo? Siguro..."

"Manahimik ka!"

Napahalakhak ako. **"I love you, too, babe."** Marahan akong yumuko at sinakop ang pang-ibaba niyang labi. Hindi pa man 'yon gano'n kalalim ay agad na nangibabaw ang mainit kong pakiramdam. Kaya naman mabilis ko iyong tinapos at saka ako ngumiti nang pagkaganda-ganda sa kaniya.

Sandali niya akong tinitigan bago siya humiwalay upang hilahin ako papunta sa kama. **"Inaantok na 'ko,"** malamyang aniya. **"Nakakapagod ang araw na 'to."** Humiga siya at ipinatong ang ulo sa magkakrus niyang braso sa batok. **"Iginala ko sandali si Garam. Tapos nag-jetski kami nina Migz at BJ. Si Maxrill ay sinamahan ko ring igala 'yong aso niya."**

"Nag-enjoy ka naman ba?"

"Yeah," bumuntong-hininga siya saka tumingin sa 'kin. **"Kapag alam kong makikita kita at makakasama sa huli, masaya ako sa lahat ng ginagawa ko."**

Napangiti ako. **"Talaga?"**

"Mm." Tumango siya saka tumingala sa kisame. **"Para bang kahit gusto kong ma-badtrip, gumaganda pa rin 'yong mood ko. Kasi sinasabi ng isip ko...*mamaya makikita mo na si Deib Lohr. Makikita mo na si Deib Lohr mamaya. Magkakasama uli kayo,*"** nag-iba ang tinig niya sa huli, hindi ko naiwasang matawa dahil husky iyon at talagang boses lalaki. Pero aaminin kong hinaplos niyon ang puso ko. Hindi ko akalaing gano'n pala ang naiisip ni Taguro. At hindi ko inaasahang aaminin niya 'yon.

"Grabe," nakangiti ko siyang inilingan. **"Kahit ilang taon na ang nakalipas, patay na patay ka pa rin sa 'kin."** Nakita ko nang mawala sa isang iglap ang maganda niyang ngiti. Napahalakhak ako. **"Joke lang."**

Napabuntong hininga ako saka nahiga sa tabi niya. Natuwa ako nang panoorin ko siyang kumilos papalapit sa akin. Hindi ko inaasahang kukunin niya ang braso ko at kusa siyang mahihiga sa dibdib ko. Gusto kong manibago kay Taguro. Kung dati ay halos iyakan ko ang pagiging manhid niya, ngayon ay nakakataba ng puso ang pagiging malapit niya. Hindi ko na maramdamang kailangan ko siyang pilitin. Ni hindi ko na kailangang sabihan siya dahil nagkukusa siya. Nagugulat ako.

"Babe..." pagtawag ko, malayo ang tingin. **"Pwede mo bang ikwento ang lahat sa akin? 'Yong lahat ng nangyari sa 'yo,"** nahihiya man ay naglakas-loob ako. **"'Yong kaya at pwede mo lang ikwento."** Nagbaba

ako ng tingin sa kaniya, nakatingin na siya sa akin. **"'Yong hindi makalalabag sa batas ninyo kapag nalaman ko."**

Nag-iwas siya ng tingin at bumuntong-hininga nang pagkalalim-lalim. **"Sa'n ko ba sisimulan?"** nakangiti man ay hindi niya naitago ang pagiging seryoso. Noon ko naintindihan na talagang pagdating sa kaniyang pagkatao ay nagbabago si Taguro. Iyon ang tunay na Maxpein. At miyembro iyon ng pamilyang Moon. Iyon ang pinakamataas na *rango*. **"Saan ko sisimulan ang mga gusto mong malaman?"** paglilinaw niya.

"Simula nang magkaisip ka."

Nilingon niya ako nang may nagtatakang tingin. Saka siya napangiti at nagsimulang magkwento. Sinimulan talaga iyon ni Taguro nang sandaling magkaisip siya. Nang matuto siyang kilatisin ang pinagkaiba ng sa tingin niyang mali at tama.

Pamilyar na sa akin ang simula, nang ipagkatiwala siya ni Heurt kina Maze. Maging ang tungkol sa hindi pagkakaintindihan nila ni Maze. At ang matinding pagkadismaya sa kaniya ng Chairman Moon ay natatandaan ko. Pati iyong relasyon nila ni Randall ay maikli niyang binangit. Hanggang sa ibahagi niya ang tungkol sa pagpapabalik-balik niya sa Korea at Pilipinas.

Nang magkwento siya tungkol sa pagiging rango ay naantig nang todo ang atensyon ko. Hindi ko magawang alisin sa kaniya ang paningin ko.

Nang sandaling iyon ko lang naintindihan ang mabibigat at makahulugang linya na binitiwan ng *Netjae*. Nalaman ko kung ilang beses siyang nasaksak, naitak, nabaril, napana, at kung ano-ano pa na maaaring ikamatay niya. Sinumang makikinig sa kaniya ay ikagugulat na buhay pa siya. Gusto kong itanong kung paano nga bang nangyari 'yon? Paanong nangyaring nandito siya sa harap ko sa kabila ng kaniyang pinagdaanan? Pero natatakot akong baka mainsulto ko siya. O baka makagawa ako ng bagay na ikagagalit, at pag-awayan naming dalawa.

Nang sandaling iyon ay naramdaman ko ang matinding hirap na pinagdaanan niya. Na sa murang edad niya ay napakabigat na responsibilidad ang nakapatong sa mga balikat at kamay niya. Ang sariwa niyang isip ay sapilitang hinasa. At lahat nang iyon ay dahil lang sa isa siyang babae. Sinabi niya na kung ang iba ay hinihiling ang yaman na kinamulatan niya, siya naman ay may ilang beses na umanong kinamuhian na ipinanganak siya sa gano'n karangyang pamilya. At nagawa niya 'yon dahil sa hirap na kaniyang pinagdaanan.

Nang sandaling iyon ay bumuhos nang todo ang paghanga ko sa kaniya. Dahil kahit gaano niya pasamain ang kaniyang imahe, kahit paulit-ulit niyang sabihin at ipagmalaki kung gaano siya kabastos, kahit na buong yabang niyang idinetalye kung gaano paano siyang manakit nang walang-awa, nakikita ko ang kabutihan niya. Iyon na yata talaga si Taguro, katauhan niya na iyon. Iyong kahit na magsalita siya sa bastos na paraan, kumilos sa mayabang na dahilan, manakit sa oras ng pangangailangan, sa likod niyon ay may kabutihan. Ayaw niya lang ipakita at sabihin.

Nang sandaling iyon ay muli kong naramdaman kung gaano akong kaswerte. Imposible ang babaeng ito sa harapan ko, at hindi ako makapaniwalang totoo siya at nakakausap ko pa. Hindi ako makapaniwalang girlfriend ko siya, at malapit nang mapang-asawa.

Kinilabutan ako nang ibahagi niya sa akin ang tungkol sa hatol. At mas kinilabutan pa nang bawiin iyon ng *Netjae*. Narinig ko naman na ang tungkol do'n mula sa Chairman pero sadyang iba ang dating nang siya na ang magkwento. May mga sandaling natutulala na lang ako sa pakikinig sa kaniya. Dahil talagang hanggang sa sandaling iyon ay hindi ako makapaniwalang may ganoong uri sila ng batas. Marahil ay hindi ko pa lubos na pinaniniwalaan ang uri nila ng pamumuhay kaya gano'n pa rin ang reaksyon ko.

Hindi ko naiwasang tanungin ang tungkol kina Cargosin, Eerah Anitha at ibang kasamahan nito na nahuli ng mga Moon. Nalaman kong nakakulong ang mga ito sa *Kaechon* hanggang sa sandaling iyon. Wala na siyang narinig pang balita sa mga ito mula nang araw ng hatol.

"Eh, ano'ng ginawa ninyo sa America?" mayamaya ay tanong ko. Hindi ako makaramdam ng pagod, hindi ako makaramdam ng antok. Bagaman si Taguro ay panay na ang paghikab.

"May inasikaso kami ro'n."

"Hindi ko pwedeng malaman?" nahihiya man ay malambing kong itinanong.

Napabuntong-hininga siya saka tumingin sa mga mata ko. 'Ayun na naman iyong nanunubok niyang tingin. Iyong nagtatanong ngunit siya lang ang makasasagot. Iyong naniniguro kung mapagkakatiwalaan ba ito.

Minsan pa siyang bumuntong-hininga bago nag-iwas ng tingin. **"May kinalaman sa organisasyon ang ipinunta namin do'n,"** mahina niyang tugon. Hindi nakaligtas sa pandinig ko ang lungkot sa kaniyang tinig. **"Naasikaso naman namin,"** bigla ay ngumiti siya.

Aaminin kong nabitin ako sa kwento. Pero dahil tinapos niya na agad iyon ay hindi na ako sumubok pa muling magtanong. Dahil nasisiguro kong kung hindi gano'n kaselan iyon ay malalaman ko lahat 'yon ngayon.

"Isinabay namin ang pag-aaral para cool," dagdag niya.

Gusto kong matawa. Sa paraan nang pagkakasabi niya niyon ay para bang gano'n na naman kadali ang ginawa nila. Na para bang isa lang iyong hotdog na isinubo niya, kinagat at nilulon. Kahit na alam kong ang totoo ay gabutas na naman ng karayom ang pinagdaanan niya.

"Pero sa lahat ng pinagdaanan ko, ikaw lang ang kinatakutan ko," pag-amin niya, nabigla ako. **"Inihanda ko na ang sarili ko. Sinabi ko na sa sarili kong posibleng wala na akong balikan sa 'yo."**

Namanglaw ang mga mata ko. **"Bakit mo naisip 'yon? Wala ka bang tiwala sa 'kin?"**

"Meron. Malaki ang tiwala ko sa 'yo, alam mo 'yon," sinsero niyang sinabi. **"Pero alam ko kung gaano kahirap 'yon para sa 'yo. Naiintindihan ko 'yon, pero hindi ko kayang tanggapin 'yong isiping mawawala ka sa 'kin."**

"I accepted the fact that you're gone and tried to move on the fastest way that I can, it was the hardest time of my life." Sinabi ko iyon na para bang ikinukuwento ko nang buo ang lahat ng pinagdaanan ko. **"Hindi ko magawang magalit no'n kasi nasasaktan ako sa nangyari sa 'yo. Pero no'ng malaman ko ang lahat sa Chairman, doon nabuo 'yong hinanakit ko."** Tumingin ako sa mga mata niya. **"Kasi hanggang sa sandaling 'yon, sa gano'ng klase ng sitwasyon na pinagdaanan nating pareho, paghihintay lang ang magagawa ko."**

Lumamlam ang mga mata niya at hinaplos ang pisngi ko. **"I'm sorry."**

Pinagdikit ko ang aming mga noo. **"There's no need to be sorry, babe,"** bulong ko. **"I prayed for you,"** mabilis na namasa ang mga mata ko nang maalala ko ang mga sandaling iyon. Kung saan nakaluhod ako at hinihiling na makita uli siya. **"Whenever I miss you, I pray for you, because that's all I can do."**

"Babe..."

"Sshh..." Hinaplos ko ang buhok niya. **"You're here with me now, and that's all I'm praying for."**

Nakatulugan namin ni Taguro ang kwentuhan. Bagaman gano'n ay kontento ako sa mga nalaman ko. Kahit papaano ay hindi na ako tulad ng dati na kukulitin siya kapag sinabi niyang hindi pwede. Na aasarin siya

hanggang sa mapaamin. Ngayon ay mas nagagawa ko nang irespeto ang pribadong buhay niya. Kahit pa gaano ko kagustong pasukin at malaman ang lahat tungkol doon. Masarap din sa pakiramdam ang pagtatapos ng aming usapan. Parang gumaan ang dibdib ko, at muling bumigat dahil sa masarap na pakiramdam.

Hindi kapani-paniwalang paputok na ang liwanag nang makatulog kami. Magkayakap at walang pakialam sa mundo.

Tuloy ay tanghali na nang magising ako kinabukasan. Napangiti ako nang makita si Taguro na tulog na tulog sa dibdib ko. Bagaman nakatalikod siya sa akin ay sakop ko ang buo niyang katawan. Napakasarap tingnan na hindi niya binitiwan ang braso ko. At sa halip ay pilit iyong iniyayakap sa kaniya. Hindi na kataka-takang walang pakiramdam ang kalahati ng katawan ko. Napakaganda niyang pagmasdan, masarap sa pakiramdam. Lalo na ng hita niya na nakapatong din sa binti ko.

"I love you..." bulong. Hinawi ko ang ilang hibla ng buhok sa kaniyang pisngi. Hinawi ko nang bahagya ang kaniyang damit. Saka ko siya dinampi-dampian ng maliliit na halik sa balikat. Kinuha ko ang kamay niya at inihaplos iyon sa mukha ko. Napapikit ako nang malanghap ang mabangong krema na ipinapahid niya sa katawan.

"Kumusta ang tulog mo?" Halos maitulak ko si Taguro nang may mangibabaw na tinig sa tabi ko!

"Tita mommy..." napapalunok kong sabi saka muling nilingon si Taguro nang kumilos ito. Hinaplos ko ang kaniyang ulo upang huwag magising.

Buong yabang na ngumisi si Heurt saka sinulyapan ang anak. **"Mukhang napuyat kayo, ah?"**

"Nagkwentuhan kami, tita," nakamot ko ang ulo. **"Naparami."**

Hindi ko inaasahang ngingiwian niya ako. **"Sino naman ang maniniwala sa 'yong nagkuwentuhan lang kayo? At marami pa?"** hindi ko inaasahan ang sinabi niya. Nanlaki ang mga mata ko. Habang siya ay pinagkunutan ako ng noo. Saka siya bumuntong-hininga at nagpandekwatrong panlalaki.

"Nagkwentuhan lang talaga kami, tita."

Pinanlisikan niya ako ng mata, tila inaalam kung nagsasabi ako nang totoo. **"Nakakapagod ba ang makinig sa kwento niya?"**

Hindi ko napigilang matawa, nahawa siya. **"Minsan lang magkwento 'to kaya nakinig na 'ko, tita."**

Umiling si Heurt, matagal na tumitig sa akin bago nagsalita. **"May bahay ka na ba?"** bigla ay dineretso niya ako.

Hindi ko inaasahan pero imbes na mabigla ay natawa ako. **"Meron na, tita."**

"Nasa 'yo na ang titulo?"

Hindi ko nagawang sumagot agad. Nagugulat ako sa mga sinasabi niya. **"Yes, tita."**

"Ikaw ang nagdisenyo?"

"Nakialam si *Noona,*" nakangiwi kong sabi.

Tumitig siya sa akin, tila may sinasabi sa isip na siya lang ang nakaiintindi, at saka unti-unting ngumiti. **"May hihingin akong pabor sa iyo, Deib Lohr."**

Natigilan ako. Nilingon ko si Taguro at sinigurong natutulog ito. Batid kong mabilis siyang magising. Posibleng sa ginawa ko kaninang paghalik at pakikialam sa katawan niya ay binuhay ko ang kaniyang diwa. Pero dahil sa pagkakabuka ng kaniyang labi at malakas na pagbuga ng hangin, nasisiguro kong naglalakbay pa siya sa pagtulog.

"Yes, tita?" muli akong bumaling kay Heurt.

Nilingon din muna nito ang anak. Lumamlam ang kaniyang mga mata sa pagkakangiti, bago ako nilingon. **"Mas mahalin mo pa ang anak ko. Mas pasayahin mo pa siya. Gusto kong sorpresahin mo siya. Iyong sorpresa na totoong mabibigla siya."**

Napalunok ako. Mukhang alam ko na ang tinutukoy niya. **"Imposible yatang magawa ko 'yon, tita,"** pabulong kong sagot. **"Si Maxpein 'to."**

"Kaya nga nakikiusap ako sa iyo," tahimik niyang sinabi. **"Hindi niya naranasan kailanmang masorpresa na ikasisiya niya. Gusto kong gawin mo iyon, tutal, ikaw lang talaga ang makagagawa no'n."**

Natigilan ako at napatitig sa kaniya. Nabibigla ako. Pero kakatwang wala akong maramdamang presyon. Wala ni katiting na pagtanggi o alinlangan sa dibdib at isip ko. Ang lahat sa akin ay sumasang-ayon kay Heurt. Hindi ko alam kung paano.

Napalunok ako, natitigilang nilingon muli si Taguro saka bumuntong-hininga. **"I will, tita."** Binigyan ko siya ng kasiguraduhan. My girl deserves everything.

"Thank you, Deib Lohr." Nakangiti siyang tumayo.

At hindi ko inaasahang sasampa si Heurt sa kama at papaluin sa puwit si Maxpein! Nagulat at napamaang ako sa ginawa niya. Napalingon ako kay

Taguro, gumalaw lang ito. Tuloy ay inulit ni Heurt ang ginawa, pinalo muli nito ang puwit ng anak na para bang isa itong bata.

"Maxpein, wake up," sinabi niya iyon gamit ang kanilang lenggwahe. **"Wake up."**

"What?" paungol na tugon ni Taguro, napangiti ako. Nakapikit siyang bumaling papaharap sa akin at isiniksik ang sarili.

"Wake up," gusto kong matawa sa tono ng pananalita ni Heurt, para bang kaibigan lang ang kausap.

"Ako na lang ang gigising sa kaniya, tita," nakangiti kong sabi.

Napabuntong-hininga na lang si Heurt. **"Imposible talagang kwentuhan lang ang pagod niyan. Tulog na tulog, oh?"** nakangiwing aniya na muling ikinabigla ko. **"Bumangon na kayo at tanghalian na. Ang mga kaibigan ninyo ay nag-iitiman na sa kalalangoy. Kayo ay mamula-mula pa."**

"Tch."

Sa hindi na naman inaasahan ay lumapit sa 'kin si Heurt at ginulo ang buhok ko. **"Hihintayin ko kayo ni Maxpein nang magkasabay-sabay tayo."**

Sa halip na sumagot ay natitigilan ko siyang sinundan ng tingin hanggang sa makalabas. Nakamot ko ang pisngi ko at noo, inaalam kung nananaginip ba ako. Hindi naman gano'n kasama si Heurt sa pagkakakilala ko. Ang totoo ay alam ko kung gaano siya kabait, bagaman may pagkaistrikto. Pero hindi ko maiwasang manibago sa paraan niya nang pagkilos ngayon sa harap ko. Noon niya lang ginawa sa akin at sa anak ang mga 'yon.

Tuloy ay hindi ko naiwasang isipin na talagang sang-ayon na sa amin ni Taguro ang mga taong malalapit sa amin, maging ang panahon.

"Babe..." bumaling ko at hinalikan siya sa pisngi. **"Baby...babe..."** Hinalikan ko ang kaniyang leeg, at agad akong nanggigil nang sagutin niya iyon ng ungol. **"Babe..."**

"Mm?"

"Gising na."

"Gising ka na?" tanong niya, nakapikit pa.

"'Eto gumigising na," pabiro kong tinukoy ang Laguna.

Ngunit hindi ko inaasahang makukuha niya ang birong iyon. Dinakma niya ang Laguna at saka siya nagmulat ng mga mata! **"Gising na nga."**

Nalaglag ang panga ko at maang na pinanood siyang bumangon. Tinungga at inubos niya ang kalahating litro ng tubig saka dumeretso sa

banyo.

Naihilamos ko ang palad sa mukha saka napasulyap sa nanlambot sa gulat na Laguna. Hindi ako makapaniwala sa ginawa ni Taguro, bagaman mas matindi pa ro'n ang ginawa niya kagabi.

Grabe... Hindi ko malaman ang sasabihin.

MAX'S POV

MATAPOS mananghalian, gaya ng usapan ay nag-jetski kami ni Sensui. Pinuno namin ng tawanan, hagikhikan at nakabibinging ingay ang isang bahagi ng isla. Halos ang lahat ay pinanood kaming maghabulan sa dagat gamit ang kani-kaniyang jetski. Nakakapanibago nga lang dahil inaasahan kong ako ang mag-aangkas kay Sensui pero heto at nasa likuran niya ako. Kapit na kapit sa pormado niyang tiyan upang huwag mahulog.

Habulan ang labanan, ihuhulog ang nasa likuran. Ang pares na mahulugan, mapapasali sa mga kalaban. Sina Tob at Michiko, Lee at Naih, maging sina Migz at BJ ang kasalukuyang taya. Ang magkakakampi ay kami nina Maxwell at Keziah, Maxrill at Yaz, Randall at Dein. Hindi sumali sina Kimeniah at Bitgaram, pareho silang nasa dalampasigan at nanonood lang.

Hindi ganoon kadali ang larong iyon sapagkat limitado ang tubig na pwedeng puntahan. Kapag lumampas kami sa sea eye floater ay madi-disqualify kami at itutulak ang lahat ng jetski hanggang sa pampang nang lumalangoy lang. Ang mananalo ay may premyong romantic date. Puro kalokohan ang mga kaibigan ko.

"Putsa, ang bilis ni Tob!" pasigaw na ani Sensui saka pinaharurot ang jetski namin.

"Bilisan mo!" sabi ko na tinapik-tapik ang balikat niya habang tatawa-tawang lumilingon kay Tob. Hindi matalo ng ampiyas ng tubig ang bungisngis ni Tob, panalo. **"Bilisan mo, babe, bilisan mo!"**

"Sabihin mo nga nang paulit-ulit 'yan, Taguro? Dagdagan mo na rin ng lambing para mas masarap sa pandinig ko."

"Loko-loko!" pinalo ko ang likod ni Sensui. **"Hanggang dito ay pinaiiral mo 'yang kamanyakan mo."**

"Itaas-taas mo kasi 'yong kamay mo, tumatama sa tutut ko," tumatawang aniya.

"Kapag tayo natalo dito, patay ka sa 'kin!"

"Gusto mo bang manalo?"

"Syempre!"

"Tch. 'Sabagay, kakaiba 'yong ganito. Pinaghirapan nating pareho."

"Bilisan mo, baka maabutan tayo!"

"Hoy! Si Maxwell naman ang habulin mo! Panay ako ang hinahabol mo, eh!" singhal ni Sensui sa kaibigan, lalo lang tumawa si Tob. **"Mga loko kayo, ah?"** angil niya saka pinaharurot ang jetski papasugod kay Maxwell.

Nagulat ang kapatid ko at agad na umiwas. Ngunit naging daan iyon upang masalisihan nina Tob at Michiko sina Randall at Dein dahilan para matalo ang mga ito. Agad namang pinagtulungan nina BJ at Migz, Maxrill at Yaz sina Maxwell at Keziah dahilan para kami ni Sensui ang matira.

"That was fun!" ani Keziah. **"Congrats! Naks, romantic dinner na 'yan,"** baling niya sa 'kin.

"Hehehe, mahina ang kapatid ko, pasensya ka na," pang-aasar ko kay Maxwell na animong sumusugod sa paglapit.

"Let me see your arm," dinakma ni Maxwell ang braso ni Keziah. **"Are you hurt?"**

"No, I'm fine," paniniguro ni Kez. Malakas kasi ang pagkakatulak dito.

"You pushed her too hard," baling ni Maxwell kay Yaz na siyang tumulak sa babae. **"Pwede mo siyang masaktan. Malalim ang tubig do'n."**

"Psh, what's the problem, eh, buhay naman?"

"Yaz?!" angil ni Maxwell.

"Yes, baby?"

"Be cautious, Yaz," banta ng kapatid ko.

Ang kanina pang nakasimangot na mukha ni Yaz ay mas lumala pa. **"Eh, bakit naman kasi siya pa ang pinili mong pair? You should have picked me!"** mataray niyang tugon.

"Because you're no fun."

"Sa susunod na maglaro tayo, choose me, hindi na siya masasaktan," humalakhak si Yaz. Kakatwang natawa rin si Keziah sa kaniya.

"You're insane," iiling-iling na ani Maxwell saka tinalikuran siya.

Nakangusong sinundan ng tingin ni Yaz si Maxwell. Na noon ay inakay sa braso si Keziah na para bang may tinamo itong malubha. Nalingunan ko naman si Maxrill na kataka-takang pinagmamasdan ang bawat reaksyon ni Yaz.

Tumikhim ako upang maagaw ang atensyon ni Maxrill. **"I won a date."**

"Like I care."

"You want to join us for dinner?"

"That's for two, not three, Maxpein," nakangising aniya.

"Paano kung ibigay ko sa 'yo ang premyo?" nakangising tanong ko. **"Sino'ng isasama mo?"**

Nangunot ang noo ko nang pasimple niyang lingunin si Yaz saka kunot-noong sumiring. **"Si Hee Yong,"** masungit na tugon ni Maxrill saka ako tinalikuran at kinawayan.

Pasimple kong sinulyapan si Yaz na noon ay nakanguso, nakapamaywang na sinisipa ang mga bato sa paanan niya. Bubulong-bulong saka susulyapan nang masama ang nakalayo nang si Maxwell.

Shoot...

"Babe!" untag ni Sensui. Patakbo siyang lumapit sa 'kin matapos iparada ang jetski. Inakbayan niya ako saka kinulit.

"Excited ako mamaya, hehe."

"Sa romantic dinner?"

Nakangiti akong tumango. **"Hindi na 'ko kakain, hehe. Para mamaya ay maubos ko kung anuman ang ihanda nila sa 'tin, hehe. Si Yaz daw magluluto, hehe."** Hindi ko maitago ang excitement.

"Ha? Eh, gutom na 'ko, babe," nakangusong sagot niya bagaman nag-aalala.

Natigilan ako ngunit hindi iyon ipinahalata. **"Gano'n ba?** napabuntong-hininga ako. *Ayos lang kaya sa kaniya kung samahan ko na lang siyang kumain? Hehe. Para mamaya mauubos ko 'yong pagkain ko. Hehe.* **"Ako hindi pa, babe,"** umarte ako. **"Water na lang ako."**

"Hindi mo 'ko sasabayan? Kumain ka, malilipasan ka naman niyan."

Napanguso ako. **"Eh, baka kasi mamaya busog na ako, hindi na natin mae-enjoy ang romantic dinner. Hehe."**

"Tuwang-tuwa ka?" natawa siya, lumabi ako. **"Kumain ka, maaga pa. Mamaya pa naman 'yon dahil mag-aayos pa sila."**

"Saan daw ba 'yon?"

Nagkibit-balikat siya. **"Secret daw, eh."** Minadali niya ang paglalakad namin hanggang sa makasunod kami sa mga kaibigan namin sa restawran. **"Sa ngayon ay kumain na muna tayo. Nagutom talaga ako."**

Tila catering ang inabutan namin. Nakahilera ang kaldero ng pagkain sa mahabang mesa sa isang gilid. May mga taga-silbing nakapila rin doon upang dulugan kami. Kompleto ang lahat ay mukhang kaming

magkakaibigan nalang ang hinihintay. Nagsimula na rin sa paghahapunan ang mga matatanda.

Si Sensui ang pumili ng pagkain para sa aming dalawa. At talaga namang hindi maalis ang tingin sa 'min ng lahat nang magsimula siyang subuan ako.

"Ang sweet naman!" tudyo ni BJ. **"Baka magdighayan nalang kayo sa romantic dinner niyan?"**

"Doon tayo sa isla mo, Maxpein," ani Maxwell.

"Kasama ka ba?" kunot-noong tanong ko.

Sumama ang mukha niya. **"Gustong makita ng mga kaibigan mo ang isla mo."**

"Bakit naman kung kailan gabi?"

"Wala nang oras, uuwi na sila bukas."

"Ha?" napalingon ako kay Sensui. **"Babalik na kayo sa Laguna?"**

"Magpapaiwan ka ba dito? May trabaho, babe," natawa si Sensui. **"May naiwan akong project sa Makati at Parañaque. Bukod do'n ay malapit na ang finals ng mga estudyante ko."**

"Akala ko ba ay three days?" nakasimangot kong sabi. **"Three days na ba 'yon? Parang ngayon lang kita nakasama, ah?"**

"Pwede naman tayong bumalik dito next time. Maaga pa ang pasok namin sa Lunes."

"Eh, di sa umaga tayo pumunta, bukas?" suhestiyon ko.

"Paano ang romantic dinner natin?" isinunggab ni Sensui ang mukha sa akin. **"Hindi na dinner 'yon kung sa umaga natin gagawin, although, romantic pa rin. Hehehe!"**

Napailag ako. *Oo nga, 'no?* **"Nakakalungkot naman, uuwi na pala kayo."**

"Magtatagal ka ba dito, te?" sabat ni BJ. **"Kasi kung hindi, 'wag kang mag-inarte. Ngayon namin gustong makita ang isla. Kami ang bisita at hindi ikaw. 'Wag kang bagu-baguhan ng oras at petsa."**

Nilingon ko si Maxwell. **"Ewan ko ba dito,"** naninisi kong turo sa kapatid ko. **"Hindi rin pala nila maaabutan ang pagbubukas ng ospital mo?"**

Nagkibit-balikat si Maxwell. **"Hindi naman 'yon ang ipinunta nila dito,"** natawa siya saka sumeryoso. **"Gusto kong ipakita nang personal kay Deib Lohr iyong bagong project ko. Kaya ko siya pinapunta dito. Isinama lang natin ang mga kaibigan ninyo."**

Napabuntong-hininga ako. **"Hindi na 'ko masaya."**

"Taguro..." paglalambing ni Sensui. **"Oh, sige, mag-stay pa ako ng isang araw. Sa Tuesday nalang ako papasok."**

Nakanguso akong umiling. **"Hindi na. Baka matanggal ka sa trabaho."**

"Hehehe, lolo ko may ari ng BIS, babe," bulong niya.

"Baka nami-miss ka na ng mga estudyante mo."

"Ayos lang sa kanila 'yon. Isang araw na lang naman."

"Hindi na," pinilit kong ngumiti upang 'wag siyang mag-alala.

Ayaw kong sirain ang schedule nila dahil sa pag-iinarte ko. Ngunit talagang nalungkot ako. Dahil kung hindi ako nagkakamali ay may isang buwan o higit pa kaming mananatili dito sa Palawan. Kailangan naming bantayan ang mga hindi pa natatapos gawin. Kailangan niya ring tutukan ang pag-aasikaso ng mga papel ng ospital, sangkatutak ang lalakarin.

"Don't worry," talagang sa akin pa nanggaling iyon. **"Bawi na lang tayo pagbalik ko sa Laguna."**

"I can stay, babe," umiintinding ani Sensui.

Natuwa naman ako. **"Okay lang,"** nanunukso ang tingin na sabi ko. **"Kung pagbibigyan mo 'ko ngayon, baka hindi ulit kita paalisin bukas. Hehe."**

Ginulo niya ang buhok ko. **"Kumain ka na, here's your chicken,"** pinagsilbihan niya ako.

Gusto kong ngumuso sa buong sandaling kumakain kami. Pero hindi pwede dahil malulungkot si Sensui. Mahihirapan siyang umalis. At kung paiiralin ko ang kaartehan ko ay maaapektuhan ang trabaho nila. Imposible kasing iwanan siya ng mga kaibigan niya.

"Gawin nalang nating extra special ang romantic dinner para naman hindi malungkot ang Maxpein," suhestiyon ni Migz mayamaya.

"Paano mo naman gagawing extra special, 'te?" mataray na tanong ni BJ. **"Kantahan na naman, at ikaw na naman ang bida?"**

"Gaga! Syempre, magkaibigan tayo, it's your turn naman!"

"Ano naman ang ieeksena ko?"

"Pagsilbihan mo 'yong dalawa."

"'Tse!"

Ang kaninang lungkot ko ay unti-unting nawala. Nanumbalik ang excitement ko nang magsimula silang magplano na para bang sa isang linggo pa mangyayari iyon.

Hindi makapapayag sina Naih at Yaz na hindi ako maayusan. Si Michiko ang bahala sa pagdidisenyo ng "romantic table" kasama si BJ. Sina Lee, Tob at Dein naman daw ang sagot sa pagdidisenyo ng venue. Si Randall at Migz ang nakatoka sa lahat ng may kinalaman sa musika.

Gusto kong matawa dahil ang simpleng laro na may premyong romantic dinner ay mukhang magiging espesyal nga gaya ng sinabi ni Migz. Nakakatuwa lang.

"Babe?" pagtawag ni Sensui. Kasalukuyan siyang nakayakap mula sa likuran ko habang pareho kaming nakatingala sa papadilim nang langit, nagpapahinga matapos kumain nang marami.

"Mm?"

"Wala ka namang naging boyfriend sa America, hindi ba?"

"Wala naman, bakit?"

"Naniniguro lang."

"Tss, saan na naman?"

Humalakhak siya, may biro sa isip na siya lang ang nakakakuha. **"Na sa akin ka."**

"At ikaw pa talaga ang naniguro, ha? Ang kapal-kapal-kapal ng mukha mo, Deib Lohr."

"Tch. Para tinatanong lang."

"Paano pala kung nagkaroon, ayaw mo na sa 'kin?"

"Gusto pa rin."

"'Sus, mukha mo."

"Gwapo."

"Manyak."

"Mahilig."

"Hindi ako mahilig, ah? Isang pang-aasar mo pa, sige."

"Joke lang."

"'Buti hindi ka na-in love kay Bitgaram?" bigla ay tanong niya, natatawa pa.

"Tss. Para ko na siyang kuya. Mas mataas nga lang ang posisyon ko sa kaniya."

"Paano nangyari iyon, anak siya ng *Netjae*, apo ka lang. Hindi ba't isa rin siyang *rango*?"

"Ang Emperyo ay binubuo ng mga *rango*, Deib Lohr, lahat kami ay *rango*. May mga babae at lalaking *rango*. Ang mga bata ay naghahanda sa pagdaan sa proseso ng pagiging *rango*. Magkaiba ang proseso ng

mga babae at lalaki. Ang matatanda naman ay nagreretiro sa pagiging *rango* at nagiging regular na mamamayan ng Emperyo. May pinakamataas na babaeng *rango*, may pinakamataas na lalaking *rango*."

"Ikaw 'yong babae? At si Bitgaram 'yong lalaki?"

"Hindi."

"Ang gulo."

"Si Laieema iyong babae, si Bitgaram iyong lalaki. Mas mataas ako sa kanilang dalawa. Walang kasarian ang posisyon ko," seryoso kong sinabi.

"Talaga?" yumuko siya nang pagkaigi-igi hanggang sa magpang-abot ang mukha naming pareho. **"Gano'n ka kagaling?"**

"Ah-huh," pabiro kong sagot, natawa siya.

"Kaya pala lahat kayo ay marunong lumaban?"

"Ah-huh," muli kong biro.

"Nakakalito pa rin. Kung gano'n ay *rango* rin pala sina Maxwell at Maxrill."

"Ah-huh. Mga normal na *rango* na naging manggagamot at mangangalakal."

"'Lalim," humalakhak siya.

"Sisirin mo."

Lalong humigpit ang yakap niya. **"Tara?"**

"Anong tara?" tumaas ang kilay ko. **"Ano na naman ang iniisip mo?"**

"Ang sabi mo ay sisirin ko?"

"'Yong salita ang sinasabi ko!"

"Ah, akala ko ay iyong Bataan," bulong niya.

"Anong Bataan?" nilingon ko siya.

Tumawa siya. **"Secret."**

"Ano nga 'yon?"

"Wala 'yon."

"Tsk, hindi mo sasabihin?"

"'Wag mo nang alamin."

"Unfair ka! Nagkwento na nga ako sa 'yo ngayon, eh."

"Nanunumbat ka? Eh, karapatan ko namang alamin ang pagkatao ng taong patay na patay sa 'kin."

"Tss, whatever."

"'Arte," pang-aasar niya saka bumitiw sa 'kin. **"'Yan ang ayaw ko sa babae, Maxpein."**

Tumaas ang kilay ko. **"Ah, gano'n?"**

"Oo," mayabang niyang sagot.

"Gano'n?" hamon ko.

Natatawa siyang umatras. **"Gano'n!"** maarte niyang sagot, ginagaya sa OA na paraan ang pananalita ko.

"Ah, gano'n!" singhal ko saka umamba dahilan para kumaripas siya ng takbo. **"Malilintikan ka talaga!"**

"Tingnan ko nga kung manalo sa habulan ang pinakamataas na *rango* ng Emperyo," pang-aasar niya, patakbong umaatras, nakakaloko.

"Aba't marunong ka nang maghamon? Tingnan natin!" nagbabanta ang tinig ko, umaabante.

"Pareho lang tayong apo ng hukom, Taguro. Hindi mo na 'ko masisindak ngayon."

"Run for your life, Enrile."

"Bring it on, del Valle," tatawa-tawag aniya saka tumakbo sa buhanginan. **"Sulitin mo na ang nalalabing panahon."** Hindi ko nakuha ang ibig niyang sabihin pero hindi niyon napigilan ang pagsugod ko.

Inatake ko siya at hindi ko inaasahang magagawa niya akong ilagan. Nagugulat akong sumugod muli, ngunit nagawa niya pa ring umiwas. *Aba, marunong na!* Sinugod ko siya ng suntok, bagaman hindi siya nagtagumpay sa pag-iwas ay nagawa niya iyong sanggain.

"Sa'n mo natutunang dumepensa?" natatawa kong sabi, nagpaparaya. Dahil kahit anong bilis niya sa pagtakbo ay maabutan ko pa rin siya dahil hindi siya maingat at kung saan-saan pumupunta.

"You can't bring an Enrile down, Maxpein."

"I can, but I would prefer not to," mayabang kong tugon. **"Del Valle pa lang ang kaharap mo, Deib Lohr, iniiisantabi ang pagiging Moon."**

"Talaga ba? Eh, kahit nga dila mapapatumba kita. Subukan natin?"

Natigilan ako at namimilog ang mga matang tumitig sa kaniya. **"Sira-ulo ka, baka may makarinig sa 'yo!"** asik ko, napapalingon sa likuran kung may ibang tao.

Kinagat niya ang labi, nang-aasar nang todo. **"You're mine,"** pasinghal na aniya. **"And later I'll make you even more mine!"**

"Asa! Do'n ka sa kwarto mo matulog, ah!"

"Matitiis mo?"

"Bakit hinde?"

"We'll see." Humalakhak siya.

"'Oy!" bigla ay nangibabaw ang napakalakas na tinig ni Tob sa likuran namin. **"Ano ba? Tara na!"**

"Saan?" singhal ni Sensui, sumesenyas na tigilan na namin ang biruan. Lumapit siya at umakbay sa 'kin. Sa hindi maintindihang dahilan ay ang lakas ng dating ng paghahabol niya ng hininga.

"Aayusan ka pa namin, loko."

"Tch. Ano 'ko, babae?"

"Hindi ba?" pabiro kong bulong.

Nagbaba siya ng tingin sa 'kin at saka ngumisi. **"Malalaman natin mamaya. Kapag nabuntis ka, isa akong milagro, Taguro."**

Sinuntok ko ang tagiliran niya. **"Sira na talaga ang ulo mo."**

"Sa 'yo, oo." Humalakhak na naman siya. **"Bakit ba nagmamadali kayo? Busog pa nga ako,"** asik niya kay Tob nang makalapit kami.

"Hi, Maxpein!"

"Hi, Tob, hehe," akma akong lalapit kay Tob nang higitin ako ni Sensui.

"Tch. Ihahatid na kita sa kwarto mo, doon ka na sa mga kaibigan mong babae," pinagkadiinan niya ang ang huling salita. **"Mag-heart talk, heart-talk kayo."**

"Kadiri ka, 'dre, alam mo rin 'yan?" asik ni Tob, natawa ako.

"'Sus, ikaw nga marunong nang mag-ayos, eh. Ihihinto mo na ang pag-aabogasya, 'dre?"

Tumawa si Tob. **"Sira, itinuro lang sa 'kin 'to ni Lee. Pagkakakitaan daw, negosyante, eh."**

Napakasaya lang ng sandaling iyon. Natatawa ako sa paraan ng pag-uusap ng magkaibigan. Para bang planado ang usapan kaya ang masiyadong katatawanan ang kanilang biruan.

Hindi na ako nagpahatid pa kay Sensui. Sa elevator pa lang ay humiwalay na ako at dumeretso sa floor nina Naih. Nakangiti akong naglalakad at walang ibang iniisip kundi ang mga napag-usapan namin ni Sensui. Papasok na sana ako sa kwarto nina Naih nang magbukas ng pinto si Kimeniah.

"Maxpein," pagtawag niya. Nginitian ko siya. **"I want to give you something,"** aniya saka lumapit sa akin.

"Dito talaga?" biro ko.

Natawa siya. **"Nahihiya akong makita ng iba,"** namula siya.

Natitigilan kong pinanood siya na kunin ang kamay ko at ilagay ang may kalakihang box sa palad ko. Napatingin pa muna ako sa kaniya bago iyon binuksan. Pares iyon ng hikaw at terno sa napakagandang kuwintas at polseras.

"Wow..." nabibighaning usal ko nang tila kuminang ang mga iyon sa paningin ko. **"You're giving this to me?"**

"Yes, Maxpein."

"It's so beautiful, Kim." Black and white diamond intertwining infinity necklace, earrings and bracelet iyon.

"Wear it later, it's yours."

Napatitig ako sa kaniya. **"Really?"**

Nakangiti siyang tumango. **"Binili ko 'yan no'ng nag-tour ako sa Morocco. It was a wonderful place. Nakakatakot at first pero pagdating ko ro'n ay malayo sa nakikita ko sa palabas ang ugali ng mga tao,"** kwento niya. **"Anyway, I don't know why ikaw ang naisip ko nang makita ko 'yan,"** nakangiting aniya, napatitig lang ako sa kaniya at hindi nakapagsalita. **"I guess it was designed for you,"** nagkibit-balikat siya.

"Thank you," sinsero kong sinabi. **"I love it."**

Ngunit sa halip na sumagot lumapit siya at niyakap ako. Hindi ko maipaliwanag ang masarap na pakiramdam. **"I told him that if it's you, I'll be happy for him,"** pabulong niyang sinabi.

"Kim..."

"I'm happy for you, Maxpein. And I really do hope that you're happy. But wait, don't get me wrong," tumawa siya saka hinarap ako. Hindi ko mapigil ang malawak kong pagkakangiti. **"I'm still jealous, but I'm really happy for you and Deib. I still wish I was Maxpein, I'm Taguro...I'm...well, you,"** animong nagbibigay ng speech na aniya. Nakakatuwa. **"But I have decided that I really am happy for you two."**

Ngumiwi ako, nagbibiro, pero hindi ko mapigilan ang magandang ngiti. Matagal akong nag-isip pero walang maapuhap na salita dahil sa tuwa. **"So tell me, can we be friends?"**

Sa halip na sumagot ay mahigpit niya akong niyakap saka tumango. **"Friends,"** may halong mabigat na hininga ang boses niya at noon ay napagtanto kong umiiyak siya.

Sandali akong natigilan bago ko hinaplos ang likuran niya upang aluin siya. Sa hindi malamang dahilan ay bigla akong nalungkot para sa kaniya.

Hindi ko masabi kung naiiyak ba siya dahil masaya siya para sa amin, o dahil tinanggap naming pareho ang pakikipagkaibigan sa isa't isa. O dahil sa wakas ay natutunan niya nang palayain si Deib Lohr na hindi naman naging kaniya. Posibleng kaya ganoon ang nararamdaman niya ay dahil matindi rin siyang magmahal gaya kaya. Pero matagal na siyang talo, matagal niya na dapat ginawa ito, ngayon lang marahil siya nagising sa katotohanang 'yon. Bagaman gano'n ay totoong tanggap ko siya at bukal sa kalooban kong makipagkaibigan sa kaniya.

"Anong drama naman 'yan, Maxpein, Kim?" asik ni Naih na hindi man lang namin namalayang lumapit. Sa likuran niya ay ang aking ama, kasama si Heurt.

Punas ni Kim ang mata nang bumaling sa kaniya. **"Wala."**

"Ah, gano'n? Hindi mo nakuha si Deib Lohr kaya 'yong kaibigan ko naman ngayon ang sinusulot mo?" nagtataray na ani Naih.

"You're so mean!" ani Kimeniah, natural ang arte sa katawan at hindi pilit.

"Ganiyan ako mag-joke sa kaibigan, Kimeniah! Aba, kung hindi mo mapagtitiisan 'yan ay doon ka kay ate makipagkaibigan! Mas magaling 'yon sa plastikan!"

"'Yang bibig mo," sita ko sa kaniya.

"Joke lang naman 'yon, ano ka ba! Sanay na sa 'kin 'yan si Kim, 'no! Super friends na kami! Siya ang karamay ko no'ng iwan mo 'ko!"

"Napakaingay niyang bibig mo, nandito ang daddy ko," angil ko.

"Duh? Alam ko! Ako kaya nagsama sa kanila dito!"

"Kaya nga 'wag kang maingay."

"Psh!" kumibot-kibot sa pagbabanta ang mga labi niya. **"Come on, nagre-ready na ang boys! Tulungan mo muna akong ayusin ang mga isusuot natin, Kimeniah, please. At mukhang may meeting de avance na naman ang mga Moon."** Kinindatan ako ni Naih saka hinila sa braso si Kim. Minsan pa kaming nagngitian ni Kim bago ako nagbaba ng tingin sa ibinigay niya. Napakaganda niyon.

"Maxpein," tinig ni daddy.

"Mm?" nakangiti akong nag-angat ng tingin sa kaniya.

"Nais kang makausap ng *Netjae*."

Sumimangot ako. **"Tungkol na naman saan?"**

"Maxpein..."

"Alright, alright," sumusukong sabi ko saka sumabay sa kanila.

Hindi maalis ang paningin ko sa ibinigay na 'yon ni Kim. Para bang iyon ang magpapaganda sa akin sa gabing ito. Hindi ko inaasahang makatatanggap ako ng biglaang regalo.

"*Netjae*," agad akong tumango nang sandaling makaharap ko ang ikaapat at si Bitgaram. Nandoon ang mga Moon, pawang mga nakatingala sa akin. Sumenyas ang *Netjae* na maupo ako. Hindi ko naman mabitiwan ang regalo ni Kimeniah. **"What is it that you want to talk about, *mama*?"**

Napabuntong-hininga ang *Netjae* at nag-angat ng tingin sa akin. **"Do you wish your mother, Heurt Park, to carry your family name, Moon?"**

"Eh?"

"Do you want me to repeat the question?" bumuntong-hininga ang ikaapat.

Natigilan ako at nabibiglang napatitig sa kaniya. **"*Netjae*..."** Pakiramdam ko ay huminto sandali ang pagtibok ng puso ko. Naguguluhan akong tumingin kay Heurt. Emosyonal ang kaniyang pagkakangiti, namamasa ang mga mata. **"That is not possible..."** pabulong kong sabi. Bagaman kinokontra ko ang hindi kapani-paniwalang sinabi ng ikaapat ay naro'n sa tinig ko ang pag-asa.

"That is why I am here to ask you, I can make that possible."

"*Netjae*..."

"Yes or no?"

Napatitig ako sa kaniya, napalunok matapos pangiliran ng luha. Tumango ako. **"Yes. Of course. That would be great."**

Kung mangyayari iyon ay hindi na poproblemahin ni Heurt ang pamumuhay nila. Dahil ang anumang pangangailangan niya ay pupunan ng Moon, kailangan man o hindi.

Tumango ang *Netjae* at nag-angat ng tingin kay Heurt. **"Once you enter our country you are legally renounced from your former nationality. That is our law. The Moon family will discuss each and every detail to you at the right time."** Hindi ko inaasahang magiging ganoon kaikli ang pag-uusap na iyon. Dahil matapos sabihin iyon ay nagpaalalay na ang ikaapat sa anak upang makalabas.

"Ano 'yon?" nagtataka, nagugulat ko pa ring tanong. **"'Yon na 'yon?"**

Napabuntong-hininga si Mokz. **"Kailangan si Heurt sa kasal mo."**

"Kasal?" nagugulat kong tugon. **"Hindi ako magpapakasal kay Bitgaram!"**

"Wala naman akong sinabing ganoon. Ha ha ha ha ha!"

"Tss."

"Matagal din ang proseso niyon kaya hiningi na ng ikaapat ang sagot mo. Hindi naman maaaring kami lamang ang sumagot sa kaniya. Kinakailangan din ang pahintulot mo, Maxpein Zin."

Napabuntong-hininga ako. **"Paano ang mga anak ni Heurt? Ang asawa niya?"**

Sumeryoso si daddy. **"Hindi tayo nagmamadali, Maxpein. Sa ngayon ay kailangan nating unahin si Heurt. Isa pa, mabibigla ang kaniyang pamilya kapag nalaman ang tungkol sa atin."**

Hindi ko nagawang i-absorb ang katotohanang iyon agad. Tulala at nakalutang akong pumunta sa kwarto nina Naih. Iniisip ko ang mangyayari.

Paano ko sasabihin kay Sensui na kailangan ko nang magpakasal? Tss. Kalokohan. Minsan ako mismo ay hindi maintindihan ang mga batas namin. Ang mga ganitong sitwasyon, kung saan may pagmamadali dahil kailangang sundin ang batas, ay nakakaloko para sa 'kin. Para lang matugunan ang batas ay ora-orada ang pagdedesisyon nila.

"You're going to wear this!" anunsyo ni Yaz. **"Huy! Are you with us?"**

"Huh?" Napamaang ako matapos makita ang damit na ibinalandra niya.

White boho maxi dress iyon na walang manggas, manipis ang strap at lumolobo ang malalim na dibdib. Paniguradong sasayad sa talampakan ang haba at sadyang napakaganda.

"Wow," iyon lang ang nasabi ko. At hindi pa man ako nakapagsasalita ay minadali na nila ako papasok sa banyo. Sila ay mga bihis at nakahanda na. Ako na lang ang aayusan.

Halos magwala naman ako sa pagligo dahil sa walang-humpay na pagkatok ni Naih sa pinto. Bagal na bagal siya sa pagligo ko. Atat na atat na maayusan ako.

"'Wag ka ngang sumimangot!" asik niya nang maupo ako sa harap ng vanity.

"Masiyado ka kasing nagmamadali," angil ko.

"Dahil naghihintay na ang date mo."

"Para date lang, eh."

"Aba, 'oy! Sa tagal mong nawala, ito pa lang ang unang date ninyo ni Sensui! Umayos ka nga!"

"Lutang ako, okay?" hindi pa rin mawala sa isip ko ang napag-usapan namin ng *Netjae*. At hindi ko pwedeng ibahagi iyon sa kanila kaya lalo akong naging lutang.

"Leave everything to us," naninigurong ani Yaz. **"Paglayagin mo na ang isip mo kung saan mo gusto."**

At sinimulan nga nilang tatlo ang pag-aayos sa akin. Sina Yaz ang naglagay ng make-up sa akin. Si Naih naman ang nag-ayos ng buhok ko. Bumagay sa akin ang umaalong buhok na idinesenyo niya. Namangha ako sa sarili kong hitsura matapos niyang ipatong ang flower crown sa ulo ko. At napamaang na lang ako nang tuluyang isuot sa akin ni Kimeniah ang kaniyang mga regalo.

"Ako ba 'to?" natatawang usal ko matapos ang paghahanda.

"Ahala! Ahala! Kung sino ka mang babae ka, lumabas ka sa katawan ni Maxpein!" pinagpag-pagpag ni Naih ang katawan ko.

"Ano ba!" tinapik ko ang kamay niya.

"Ang arte mo!"

"Anong isusuot ko sa paa?"

"Magbakya ka! Para cool!"

"Tuleg."

"Here," iniabot ni Kimeniah sa 'kin ang isang cross-strap Bohemian sandals at isang cute na cute na crochet barefoot. Lahat ay puti.

"Thank you," masayang tugon ko. Doon lang yata bumalik ang wisyo ko at nawala ang pagiging lutang.

"Oh, 'eto ang tissue, baka mapuwing ka ro'n," iniabot sa 'kin ni Naih ang maliit na plastik.

"Umiiwas nga ang dumi sa 'kin."

"'Wag ka nang mayabang!"

"Tss." Sa halip na kontrahin siya ay tinanggap ko na lang.

"Kailangang ganito ako kaganda sa kasal ko, ate!" bulalas ni Naih.

"Kahit mas maganda pa diyan, sister," malambing na ani Yaz.

Nakangiti man ay hindi ko naiwasang makaramdam ng lungkot. Naiinggit ako kay Naih sa hindi malamang dahilan. At hindi ko iyon kayang aminin.

'Buti pa siya, meron nang kasiguraduhan. Ako...nakikiramdam. Mukhang wala pa 'yon sa plano ni Sensui.

"Tingnan mo ang sarili mo, Maxpein, dali!" ani Yaz, excited. **"Naku, ang ganda-ganda mo!"**

Tumayo ako at hinawakan ang magkabilang gilid ng suot na maxi dress. Umikot-ikot ako at pinanood ang sarili. Hindi nga ako nagkamali, lampas iyon sa talampakan ko. Ayaw kong magmalaki, pero kailangan kong aminin na napakaganda ko nang sandaling iyon. Tuloy ay bigla akong nanabik na makaharap si Sensui.

"Kailangan na nating magmadali," ani Yaz. **"Baka naghihintay na ang date mo sa 'tin!"**

Nakagat ko ang labi saka muling sinulyapan ang sarili sa salamin. Ni hindi ko man lang nagawang kumurap nang wisikan ako ng pabango sa buong katawan ng mga ito.

"Magpapaalam na muna ako kina daddy at Chairman," nakangiting paalam ko.

"No need," nakasimangot na pigil sa 'kin ni Naih. **"Alam naman nila kung saan ang punta ng kanilang dalaginding. Naks! Babaeng-babae ka, Maxpein, maiiyak si Sensui sa hitsura mo!"**

"Tss." Bagaman suminghal ay napangiti ako. **"Ano kayang hitsura niya?"**

"Kaloka! Baka dressed to kill ang eksena mo tapos siya naka-shorts lang, 'no? Pahiya nga diyan."

"'Wag naman, tss."

"'Oy, 'wag mong minamaliit 'yon at nagle-leather ang lolo mo kahit mabuhangin dito!"

Natawa ako. **"Ewan ko ba ro'n. Wala talaga sa hulog minsan, eh."** Nagtawanan kami.

Ipinagtaka ko ang presensya nina Dirk at Mang Pitong nang makalabas kami ng hotel. Inalalayan kami ng mga ito papasakay sa yate at kataka-takang kami lang talaga ang pasahero.

"Where are the others?" tanong ko.

"Natural, nandoon na! Ang bilis mo kaya, duh?" mataray na ani Naih.

"Bakit hindi tayo hinintay?"

"Alam naman nilang nag-usap kayo ng mga Moon. Pero teka, ano nga ba'ng pinag-usapan ninyo, ha? Bakit kailangang puntahan ka pa no'ng ama't ina mo?"

Natigilan ako at napipilitang ngumiti sa kanila. **"Wala naman, hehehe."**

Nakangiwi siyang tumango. **"'Yan tayo, eh. Nakikilala kita sa mga ganiyang paglilihim mo."**

"Masanay ka na."

"Sanay na sanay na!"

"Kaya nga nakakapanumbat ka na, eh."

"Psh. 'Oy, kailangan mong bumawi sa 'kin. Hindi ko nakakalimutang wala ka pang naikukwento."

"Oo na."

"Siguraduhin mo," asik niya saka sumulyap sa dibdib ko. Napaiwas ako. Nangasim naman ang mukha niya. **"'Ganda ng view ni Deib Lohr, oh!"** inginuso niya ang dibdib ko. **"Joga!"**

"Manahimik ka!"

"Grabe, ang lamig! Ang ginaw! Ang ganda ko!"

"Bakit kasi hindi ka pa sumabay kay Lee?"

"Nauna na nga! Tumatanda ka na talaga, 'no? Ang kulit mo," asik niya saka ngumisi nang nakakaloko. **"Excited ka ba?"**

"Tss, saan naman ako mae-excite?" nakangisi ring sagot ko. Kahit na ang totoo ay excited namang talaga ako.

"Syempre, magde-date kayo ni Deib Lohr, sa isla mo pa! Oh, 'di ba? Ang taray lang, sagot mo lahat! Hahaha!"

"Tss. Ayos lang," nakangisi kong sabi. **"Basta para sa bading ko."**

"Hindi na siya bading ngayon."

"Babae na, 'no?"

"Loko, baka kainin mo 'yang sinasabi mo. Hahaha!"

"Saan nga ba dito ang isla mo, Maxpein?" tanong ni Yaz.

"Malapit lang," nakangiting sagot ko saka tinanaw at itinuro ang bahaging iyon.

Ngunit ganoon na lang ang gulat ko kung gaanong kaliwanag ang isla. Kunot-noo akong napatayo at lumapit sa railings. Hawak ang flower crown na nililipad ng hangin ay tinanaw ko ang papalapit nang isla at makapigil-hininga ang aking nakikita.

Nagkalat ang nakalutang na lanterns sa tubig, pawang mga nakahilera sa ilalim ng wooden bridge. Nasisiguro kong hindi biro ang bilang niyon sapagkat mahaba ang bridge na iyon. Ang noon ay sira nang wooden gazebo, na may apat na kanto, sa dulo ng wooden bridge, ay kamangha-manghang nasa ayos ngayon. Sa pamamagitan ng liwanag na nagmumula sa daan-daang lanterns ay nakita ko ang manipis na telang idinesenyo sa gazebo. Maging ang mesa na may nakahandang gamit ay naaninag ko.

Ngunit sinadya ni Mang Pitong na ilihis ang yate sa parte ng gazebo. At kahit habulin ko ng tingin iyon ay malayo na sa tanaw ko.

Tinanaw ko ang isla at halos malaglag ang panga ko nang matanawan ko ang aking pamilya! Nangunguna na si Hee Yong na panay ang kahol habang papalapit kami. Hindi ko nagawang makapagsalita nang pagkatitigan kong isa-isa ang bawat kaibigang aking makita. Ang ilang metrong layo namin ay hindi nakaligtas sa paningin ko ang mga ngiti sa kanilang labi at pananabik sa kanilang mga mata. Maging ang *Netjae* na gayak na gayak kagaya ng anak ay naagaw nang todo ang atensyon ko.

Ang mga lalaki ay nakasuot ng solid shorts at tropical shirts, nakabukas ang mga butones at mga nakasando. Ang mga babae naman ay nakaputing sundress at may flower crown din na hindi nalalayo ang ganda sa akin.

Hindi ko maintindihan kung bakit bigla ay para akong naguluhan. Natural lang na maguluhan ako dahil ang inaasahan ko ay kami-kaming magkakaibigan lang ang pupunta rito. Wala sa isip kong makikita ko dito ang pamilya ko, ang pamilya ni Deib Lohr, ang lahat nga aming kasama!

Nagtataka kong nilingon sina Kimeniah, Naih at Yaz. Tila lalo akong naguluhan nang makita ang emosyonal nilang pagkakangiti sa akin. Ngunit bago ko pa sila makuwestiyon ay nag-unahan na sina Mang Pitong at Dirk sa pag-alalay sa akin nang dumaong kami.

Nasapo ko ang aking noo nang bigla ay may umusbong na nakakabighaning pakiramdam sa dibdib ko. Hindi ko nagawang humakbang agad. Dahil doon palang sa dalampasigan ay muli na akong natigilan. Alam ko ang aking lalarakan, sapagkat may nakadisenyong sand sculptures. Sa ibabaw ng mga iyon ay maliliit na kandila na magtuturo sa akin sa daan. Natakpan ko ang bibig ko saka ako napangiti.

Muli na naman akong natigilan sa paghakbang nang pangunahan ako nina Yaz at Naih sa aking lalakaran. Kung saan nila nakuha ang dalawang basket na ngayon ay kanilang bibit, ay hindi ko alam. Pumuwesto sila sa magkabilang unahan ko, at hindi man lang nag-aabalang lingunin ako. Bumaling ako kay Kimeniah, napakaganda na nang pagkakangiti niya sa akin. Ngunit gustuhin ko man ay hindi na ako nakapagsalita pa upang tanungin siya kung saan nagmula ang wooden torch na noon ay hawak niya na.

Biglang namasa ang mga mata ko. May kung anong nabubuo sa isip ko ngunit hindi ko magawang kilalanin o aminin. Bigla kong binuksan ang tissue na kanina ay ibinigay ni Naih. Saka ako palihim na natawa habang nagpupunas ng luha.

Nagkani-kaniyang plano ang mga king ina. Wala sa sarili akong natawa.

Nanlalabo man ang mga mata ay nag-angat ako ng tingin kay daddy. Ngumiti siya nang pagkaganda-ganda at doon na nagtuloy-tuloy sa pagtulo ang mga luha ko. Tumango si daddy na siyang naging hudyat ng paghakbang ko. Doon din mismo ay nagsimulang magsaboy ng rose petals ang magkapatid sa akin. Habang si Kim ang nagsilbing liwanag ko sa paglalakad.

Nagsimulang tumugtog ang gitara, at mabilis iyong nasundan ng tunog ng violin, gusto kong magulantang. Nagpaulit-ulit iyon habang naglalakad ako, binibigyan ako ng kakaibang pakiramdam. Bigla ay nangibabaw ang umuungol na tinig ni Migz. Lalo yata akong maluluha kung gaanong pinaninindig ng himig niya ang mga balahibo ko.

Doon ay isa-isa kong nadapuan ng tingin sina Heurt, Maze, More, Mokz, Maxwell at Maxrill. Ang mga tingin nila ay humahanga at nagmamalaki, pero ang emosyon doon ay hindi nawawala. Hindi man sila lumuluha ay batid ko ang kanilang damdamin.

Nabasag ang tinig ni Tita Lacey nang magtama ang paningin namin, humagulgol siya sa tuwa. Maging si Tito Lohrton ay nagpapahid na ng luha. Sina Dean at Chairman Enrile ay panay ang pagtango habang nakangiti. Tanging sina Manang at Dein ang tahimik sa pag-iyak.

Isa-isa kong tiningnan ang mga kaibigan ko na noon ay emosyonal na rin. Ang mga lalaki ay kinakitaan ko ng luha sa unang pagkakataon. Ang mga babae naman ay gandang-ganda at masaya para sa akin habang lumuluha.

Grabe...Ganito pala ang romantic dinner sa kanila. Masiyadong emotional.

Bumuga ako ng hangin at saka huminto sa harapan ng aking pamilya. Hindi ko nagawang mag-angat agad ng tingin sa kanila. Pinakalma ko ang sarili ko. Dahil nang sandaling makita ko ang mga mata ni daddy ay nagtuloy-tuloy muli ang aking mga luha. Humakbang siya papalapit sa akin nang hindi ko magawang lumapit. Hinawakan niya ako sa ulo at saka yumuko sa harap ko. Sinundan iyon nina Heurt, Maze at Mokz. Ang tradisyon na iyon ay para sa amin.

Matapos niyon ay bumaling ako sa *Netjae* at tumango. Hindi ako nag-angat ng tingin hangga't hindi sila tuluyang nakalalapit ni Bitgaram sa akin. At nang magharap kami ay mabilis kong pinahiran ang aking mga luha. Bumuga ako nang malalim na hininga saka sila tiningnan sa mga mata.

Inilapat ng *Netjae* ang palad sa aking ulo, sumunod si Bitgaram. **"Maxpein Zin del Valle-Moon, daughter of Moon family,"** sabay nilang

sinabi. **"My blessings are with you,"** anunsyo ng *Netjae*. Tumango ang *Netjae* at napapikit ako sa kakaibang pakiramdam na idinulot niyon sa sistema ko.

Bumaling akong muli sa lalakaran at napangiti nang nandoon na si Maxwell sa harap ko. Napakagwapo niya sa pagkakangiti. Mababasa ang paghanga sa mga mata niya habang nakatingin sa akin.

Tumango siya na naging hudyat ng paghakbang ko. Nang makalapit ako ay kinuha niya ang kamay ko at emosyonal na hinalikan iyon. Nakamot niya ang ulo nang tumingin sa mga mata ko.

"Hey there, my little princess," pabulong, emosyonal na sinabi ni Maxwell. Hindi ko na matandaan kung kailan ko huling narinig mula sa kaniya iyon. Ngunit noon pa man ay gano'n na ang pagtawag niya sa akin.

"Oh?" natawa ako. **"Kuya..."** bagaman lumuluha ay nakuha kong magbiro.

Natatawa siyang humakbang at yumakap sa akin. **"I guess I'm not the happiest man right now, but still, I'm happy for you. You're the best sister in the world, Maxpein, if we're together I have no fear in my life. My love for you knows no bounds. My respect for you is equally immense. You will always be my sister, my princess, my girl. I'm always here for you, okay?"**

"Thank you," bulong saka gumanti ng yakap sa kaniya.

"I love you, baby."

"I love you, kuya," tinapik ko ang likod niya.

"Are you ready?"

Napatitig ako sa kaniya, hindi ako makapaniwala sa nangyayari. **"For what?"**

"To see the man of your dreams," ngumiti siya.

"Yes," hindi ko napigilang mapangiti.

Mas lumakas ang pagtipa ni Randall sa gitara. Mas lumakas din ang pagguhit ni Keziah sa violin na tinutugtog niya.

When i close my eyes at night, I pray that God would send your love my way. Pray that He sends a love so sweet, someone to take good care of me.

Nagsimulang kumanta si Migz at agad na naantig ng bawat salita ang damdamin. Napakaganda ng kanta, noon ko lang narinig pero ramdam ko na agad ang tugma.

Someone to take my heart and make it their own and love only me alone. That's when I found you and i know that it's true God gave me you

cause...

Nagsimula rin kaming maglakad ni Maxwell. Nagpatuloy ang magkapatid sa pagsasaboy ng bulaklak sa akin. Si Kimeniah ay naroon pa rin sa likuran ko at mas pinagaganda ako.

I... I prayed for you, everytime I close my eyes. I belive, deep in my heart that God would come through. 'Cause I prayed for you.

Lalo akong naging emosyonal nang magsimula akong maglakad sa wooden bridge. Dahil mula doon ay natatanaw ko ang likuran ni Sensui, naghihintay sa akin.

When you're in my arms I feel so blessed. 'Cause I know your love is heaven sent. With every song that my heart sings, I owe to the joy that your love brings.

Luhaan akong napangiti nang dahan-dahan ay humarap si Sensui sa gawi namin. Pinanood niya akong maglakad papalapit sa kaniya, na parang ikakasal na kaming dalawa. Ang romantic dinner na napanalunan namin ay makabagbag damdamin. Napakasaya ko.

Now I'm gonna take your heart and make it my own and I'll never leave you alone.

Nagtuloy-tuloy ang mga luha ko nang sa wakas ay hawiin nina Yaz at Naih ang tela. Ang pinakamasayang pakiramdam ay naramdaman ko nang magtama ang paningin namin ni Sensui. Nakangiti niyang pinasadahan ng tingin ang kabuuan ko. Hindi lang paghanga ang mababasa sa kaniyang mga mata, puno iyon ng emosyon at pagmamahal.

Thank God I found you, and for all that you do all these came true 'cause...

Inilakad ako ni Maxwell papalapit sa kaniya. Ang makahulugang tinginan nila ay puno ng respeto at pagtitiwala, kahanga-hanga. Tumango si Sensui sa kapatid ko nang makuha ang kamay ko. Saka siya bumaling sa akin nang may kumikinang na paningin.

"Grabe, ang ganda mo," pabulong niyang sinabi.

"Thank you," sinubukan kong maging kaswal, mukhang nabigo ako. Ang halo-halong emosyon ay iba ang epekto sa boses ko.

Emosyonal siyang tumitig sa akin, hindi malaman ang sasabihin at gagawin. Kamot niya ang noo, kamot niya ang sentido. Ngingiti habang naluluha saka tatawa nang may paghanga. Mukhang pareho kami, halo-halo ang nararamdaman, hindi maipaliwanag.

"Babe..." bulong niya. Natakpan niya ang bibig at pinangiliran ng luha sa pagtitig sa akin. **"I love you so much,"** pakiramdam ko ay iyon na ang pinakaemosyonal niyang paraan nang pagkakasabi niyon. Ramdam na ramdam kong tumagos ang emosyon sa aking puso.

"I love you, too."

"I couldn't have made any better choice than to wait for you. You're worth the wait, Maxpein," sinabi niya iyon nang nakatingin sa mga mata ko, lumuluha. **"Your worth made my patience longer."**

"I love you," ang tanging naisagot ko.

I... I prayed for you, everytime I close my eyes. I belive, deep in my heart that God would come through. 'Cause I prayed for you.

Natakpan ko ang bibig nang mapanood ko siyang lumuhod sa harapan ko. Nakangiti siyang tumingala sa akin. **"Do you know what's going on?"**

Natatawa, lumuluha akong umiling, nagpapanggap. **"What's going on?"** pabirong tanong ko.

"You'll marry me if I tell you," pabirong sagot niya. Halos mapahagalpak ako.

Somehow I made it through those times when I wasn't sure at all. You came and you changed my life and I know that you were sent here from above.

Ngunit nagtuloy-tuloy ang mga luha ko nang ilabas niya ang maliit at pamilyar na kahita sa harapan ko. At nagulat ako nang maglabas siya ng isa pang kahita na hindi ko kilala. Pareho niyang binuksan at iniharap sa akin ang mga iyon! Gusto kong matawa.

"What's this!" lumuluha man ay hindi no'n napigilan ang aking bungisngis.

"You'll marry me, or I'll marry you? You choose," tanong niya!

Natakpan ko ang bibig at tatawa-tawang hinaplos ang mukha niya. **"Both!"** sagot ko.

"You'll marry me?"

"Yes."

"I'll marry you?"

"Yes," naluluha akong tumango.

Emosyonal siyang tumitig sa akin. **"Please say it, babe,"** nakikiusap, emosyonal na bulong niya.

"Yes, I'll marry you, and you'll marry me, Deib Lohr," halos pumiyok na sagot ko.

Kinuha niya ang itim na singsing at isinuot iyon sa akin. Natawa ako nang takpan niya ang simbolo at ibinulsa! **"I'll give it to you on our wedding,"** nakangising aniya saka mabilis na tumayo upang halikan ako.

'Cause I... I prayed for you, everytime I close my eyes. I belive, deep in my heart that God would come through. 'Cause I prayed for you.

Bagaman sakop niya ang bibig ko ay nabigla ako nang isa-isang mag-ingat sa langit ang malalakas na paputok. At nang magmulat ako ng mga mata ay kayliwanag na ng buong isla. Magkayakap naming tiningala ang mga fireworks na noon ay nagpasikat sa madilim na langit.

Ngunit gustuhin ko mang tutukan ang fireworks, nadi-distract ako sa walang-tigil na pag-iyak ni Sensui. **"Ayoko ng lalaking umiiyak,"** kunot-noo kong sinabi saka ako humarap sa kaniya upang pahiran ang kaniyang luha.

"Hindi mo kasi naiintindihan ang pakiramdam."

"Alam ko ang pakiramdam, pero tama na, papangit ka."

"Tch."

"Alam mong ayaw kong makitang umiiyak ka."

"Masaya kasi ako, Taguro."

"Masaya rin naman ako."

"Tch."

"Tahan na," nakangiting sabi ko saka pinunasan ang mga mata niya.

Nakatitig naman siya sa akin habang nakahawak sa baywang ko. **"Do you know why a guy cry for his girl?"** bigla ay tanong ni Sensui.

Inosente akong nagbaba ng tingin sa kaniya saka napangiti. **"Why?"**

"Because he's into her."

"Do you know why I'm crying right now?"

Ngumiwi ako. **"Because you're happy."**

"Tch. Because I'm into you."

"Ah..." tumango ako kunyari. **"Oh, eh, ano'ng point mo?"**

"I wanna cry more."

"Tss, gay."

"I love you."

"Babe..."

"I love you."

"Too..."

"I love you."

"More..."

"I love you!" pinagkadiinan niya na iyon.

"Hehe."

"Taguro!"

"Hehe. I love you, too, more, babe," lumabi ako matapos magpa-cute.

Sa pamamagitan ng kanta, sa ilalim ng maliwanag na langit sa gabi, sa ibabaw ng daan-daang lantern at rose petals, hinawakan ni Deib Lohr ang kamay ko at saka ako isinayaw.

'Cause I... I prayed for you, everytime I close my eyes. I belive, deep in my heart that God would come through. 'Cause I prayed for you.

~To Be Continued. . . ~

OceanofPDF.com

TAGURO and SENSUI

DEIB LOHR'S POV

"I'M HAPPY," pabulong kong sinabi kay Taguro habang magkayakap kami at hindi mapaghiwalay ang mga pisngi.

"I know."

"I'm so happy, Maxpein. Very happy," pakiramdam ko ay wala ako sa sarili dahil sa sobrang sarap ng pakiramdam. **"I am so...so—"**

"Oo na," pigil niya sa sasabihin ko pa.

"Tch," napasimangot ako matapos matigilan, at natawa na lang sa huli. **"Wala kang ipinagbago, Taguro."**

"Nakakarindi ka, eh," naging matunog ang pagtawa niya saka bumuntong-hininga. **"I am happy, too,"** batid kong nakangiti siya nang sabihin 'yon. At bagaman ganoon lang ang kaniyang sagot ay nasisiguro kong pareho ang aming nararamdaman.

"Hindi ka naman galit?" ako naman ang tumawa.

Umiling siya. **"Hindi ko yata kayang magalit. Masiyadong maganda ang pakiramdam ko. At inaabala 'yon niyang bibig mo. Masiyado kang madada."**

Natawa ako. **"Sobrang saya mo rin?"**

"Oo nga."

"Hahaha! Pareho tayo, babe!"

"Tss."Huminga siya nang malalim at umiling. Parang noon palang siya nagsawa sa kakulitan ko.

Dumeretso ako ng tayo at tumingin sa kaniya. **"'Sabagay, sobrang gwapo kasi ng mapapang-asawa mo, ano? Masaya talaga 'yon."**

"Tss."

Pinandilatan ko siya. **"Bakit, hindi ba?"**

"Ano na naman?" nagpanggap siyang naiinis pero pilit na kumakawala ang ngiti sa kaniyang labi. Gano'n siya kasaya.

"Sabihin mong hindi ako gwapo?"

"Tumanggi ba 'ko?"

Nakangiwi akong ngumisi. **"Ikaw lang ang magmamay-ari ng mukhang 'to, Taguro. Ikaw lang ang magkakaroon ng asawang may ganitong mukha, sa buong mundo."**

"Whatever," pinaikot niya ang mga mata.

"'Arte, hehehe," tudyo ko.

"Na-miss ko 'yang ganiyang ugali mo, Sensui." Iniiba niya ang usapan. **"Diyan ka cute. Pero kapag sumobra, ang sarap mo nang tadyakan."**

"Ako lang ang ganiyan," seryoso kong sinabi habang tumatango.

"Ikaw nga lang."

"At bukod kay mommy ay wala akong kamukha."

"Kamukha mo si Dein."

Nandiri ako. **"Ang pangit-pangit no'n!"**

Humalakhak siya. **"Kung makalait ka parang magkaibang sinapupunan naman ang pinagmulan ninyo."**

"Hindi kami magkamukha. Kamukha ko si mommy at kamukha niya si daddy. Sa madaling salita ay mukha siyang lalaki."

"Eh, di pangit pala ang daddy mo?"

"Gwapo si daddy."

"Kaya nga maganda si Dein."

"Pangit si Dein. Maarte, sobrang arte at maldita." Nakangiwi kong sinulyapan ang kapatid ko na noon ay akala mo inaalala ang kasal niya. Proud na proud. **"But she's the best sister in the whole world."**

"Tss. Ganiyan din ang sinabi sa 'kin ni Maxwell."

Nilingon ko siya nang nakangiti. **"Para kay Maxwell 'yon. Para sa 'kin ay si *Noona*."**

"Tss. Sa tingin ko ay hindi totoo 'yang sinasabi ninyong 'yan, inuuto niyo lang kami."

"Hindi ka naniniwala sa kapatid mo?" napahalakhak na naman ako.

Kunot-noo siyang bumuntong-hininga. **"Bakit, naging kapatid niya ba ang lahat ng babae sa mundo para masabi niyang ako ang the best?"** saka siya ngumisi.

"Napakapilosopo mo."

"At least hindi ko sinasabing pangit ang mga kapatid ko. Ang totoo niyan, mas gwapo pa nga sila sa 'yo."

Pinandilatan ko siya. **"'Oy, Taguro!"**

"Totoo." Seryoso talaga siya.

"Si Maxwell?"

"At si Maxrill. Maski nga tatay ko mas gwapo sa 'yo."

"Sobra na 'yang panlalait mo, ah," huminto kami sa pagsasayaw para lang magbalyahan. **"Baka nakakalimutan mong ako ang mapapang-asawa mo kaya ako ang magbibigay ng anak sa 'yo?"**

"Ako naman ang magdadala ng anak mo."

"At dugo ko ang dadaloy sa batang mabubuo diyan sa sinapupunan mo," inginuso ko pa ang tiyan niya.

"Malamang, unless..." Tumingin siya sa tiyan ko.

"Ano na naman?" angil ko bagaman alam ko na ang pangit na birong nasa isip niya.

Humalakhak siya. **"'Wag na, baka bawiin mo ang singsing ko,"** sinulyapan niya ang kamay. Hindi ako makapaniwalang kumislap ang mga mata niya, o sadyang nahihibang lang ako. Gayunman, masaya ako na makita at maramdamang masaya siya.

Nagpatuloy kami sa pagsayaw. **"Sana lahat ng anak natin kamukha mo, Taguro. Tutal mas mahal kita."**

Ngumiwi siya. **"Gano'n?"**

"Oo," nagmamalaki akong tumango saka sumeryoso. **"Pero gusto ko talaga ng beinte na anak na kamukha mo, Taguro. 'Yong mapagkakamalan kong panganay 'yong bunso. 'Yong matatawag ko 'yong ikalambinlima tapos ang kailangan ko pala ay 'yong ikalima. Gusto ko 'yong malilito ako kung sino ang karga-karga ko kasi lahat sila kamukha mo. Hehehe. Ang saya-saya no'n, Taguro."**

"King ina, ano 'ko, aso?" singhal niya, biglang nangibabaw ang angas.

Nanlata ako. **"Babe, simulan mo nang tigilan ang pananalita nang ganiyan, ah?"**

Umiling siya. **"Minahal mo 'ko nang ganito, pakasalan mo 'ko nang ganito."**

"Tch." Nakangiti kong tinitigan siya. **"Pero ayos lang sa 'kin kung may isa sa mga 'yon na magiging kamukha ko, hehehe. Paniguradong 'yon ang i-spoil mo."**

"Asa. Hindi ko nga naranasang ma-spoil."

"'Wag ka ngang ganiyan sa mga anak natin, Maxpein?" kunot-noong angil ko. **"Maselan ang mga bata."**

"King ina," iginala niya ang paningin sa paligid. **"Nasa'n!"**

"Ang alin?"

"Ang mga anak na sinasabi mo?"

Natawa ako. **"Hehehe, nasa isip ko palang."**

"Tss. Masiyado kasing advanced 'yang isip mo."

"Beinteng anak, Taguro."

"Hindi ako mahilig sa bata."

"Kailangang mahiligan mo!"

"Tama na 'yong isa."

"Isang dosena!"

"Sige."

"Talaga?"

"Oo, basta ba iba't iba ang ama."

"Sira-ulo mo."

"Joke lang."

"Ayoko na nga!" angil ko sabay hiwalay sa kaniya.

"Tss. Pagpaplano pa lang 'yan, ah?" ngumisi siya. **"Mahusay."**

"Hehe," awtomatiko kong hinawakan muli ang kamay at baywang niya. Saka ko siya iniikot na parang isang prinsesa. Sabay kaming napahalakhak na pinanood ng lahat.

Kakaiba ang saya. 'Yon 'yong magagawang patayin ang galit. 'Yong gustuhin mo mang makaramdam ng inis ay hindi ka magtatagumpay. Masiyado kaming masaya.

At nasisiguro ko ring hindi lang kami ang may ganoong pakiramdam. Ang lahat ay masaya para sa amin. Makikita ang mga 'yon sa kanilang mga mata at ngiti. Hindi man lang yata nila inalis ang paningin sa amin, kahit pa mas maganda ang mga paputok sa langit.

"I want to ask you something, babe," nakangisi kong tanong ngunit hindi ipinahalata sa kaniya. **"This is serious, answer me properly."**

"What is it?" seryoso nga niyang tugon.

"Regular ba ang menstruation mo?"

Hinampas niya ang balikat ko saka tatawa-tawang humarap sa 'kin. **"Ano ba naman 'yang tanong mo?"**

Seryoso akong bumuntong-hininga, bahagyang nahinto sa paggewang naming dalawa. **"I'm serious."**

"Why are you asking?" nakataas niya ang kilay.

"Ha," napasinghal ako ng tawa. **"Syempre, magpapakasal na tayong dalawa, babe."**

"Exactly," dinuro niya ang bibig ko. **"Hindi ka talaga tantanan niyang sakit mo, 'no? Hindi ba pwedeng kasal muna ang pag-usapan natin?"**

Natawa ako. **"Of course, we'll do the honeymoon right after the wedding, babe."**

"Tss. Grabe," tatawa-tawa siyang umiling. **"Manyakis."**

"Anong manyakis? Nagpaplano lang ako." Nginiwian ko siya kunyari. **"I'm just thinking about the future, babe."**

"Future...mukha mo," nakangiwi niyang angil. **"Hindi uso ang honeymoon sa amin."**

"Ano?" angil ko sabay ngiwi. **"Hindi ako naniniwala."**

"Seryoso." Seryoso nga siya. Nangunot ang noo ko. **"Hindi namin nakasanayan ang honey-honeymoon na iyan. Kadalasan ay bumabalik na sa trabaho kinabukasan ang bagong kasal."**

"Anak ng...paano naman ang kultura ko, Taguro?" asik ko. **"May sarili rin akong kultura!"**

Humalakhak siya. **"Iniirerespeto ko naman ang kultura mo,"** aniya sa nang-aasar na tono.

"Tch. No," pagmamatigas ko.

"Anong no?" kunot-noo niyang tugon.

"Irerespeto ko ang kultura mo kapag sa Emperyo nakatungtong ang mga paa ko. Pero pagbalik dito sa teritoryo ko, irespeto mo ang kultura ko."

Nakangiwi siyang tumango. **"At ang kultura mo ay honeymoon, gano'n?"**

"Tch. Nasa kultura ng mga Pinoy'yon."

"Tss. Wala sa kultura mo 'yon."

"Nasa kultura ko 'yon, Taguro."

"Wala, Sensui."

"Nasa'n kung gano'n?"

"Nasa dugo mo. Ang kamanyakan mo ay nasa dugo mo mismo. 'Wag mong idinadamay ang kultura ng sambayanang Pilipino."

"Ang korni mo," dismayadong tugon ko. **"So, ano nga? Regular ba ang mens mo?"** nagpigil ako ng ngisi.

"Buwanan ako kung datnan," nag-iwas siya tingin, nahihiya.

"I mean," hinabol ko ang kaniyang tingin. **"Same day every month?"**

"Deib Lohr!" angil niya.

Inilapit ko ang bibig sa kaniyang tainga. **"Bubuntisin kita agad."**

Hinampas niya ang balikat ko. **"Pakasalan mo muna ako!"**

Inilapat ko ang pareho kong braso. **"I'm all yours, babe, so chill. Answer me."**

"Minsan delayed ng isa o dalawang araw," ubos na agad ang pasensya niya. **"Baguhin mo nga 'yang tanong mo, baka maiitsa kita sa tubig."**

Humalakhak ako. **"Good. Good. Okay, then—"**

"What?" asik niya.

"Easy," isinuko ko ang parehong kamay, mukhang mananapak na agad siya sa inis. **"I just want to make sure I'll get you pregnant in a month or two. Kaya kailangang ikasal tayo bago, o matapos ng mens mo para siguradong magiging tatay na ako."**

Natulala siya sa akin habang nakakunot ang noo. **"Bwisit ka!"** angil niya saka ako tinalikuran.

"Babe!" habol ko. **"Tingnan mo 'to, wala pa nga, eh! Babe! Taguro babe!"**

"Oh, ano 'yan? Wala pang kasalan, ah!" natatawang sigaw ni Tob. **"Hiniwalayan ka agad, 'dre? Aba, wala kang habol diyan!"**

"Loko!" natatawang singhal ko sabay habol kay Taguro. **"Baby babe!"**

Dahil sa sitwasyon namin ay pareho kaming pinagtawanan ng mga naro'n. Marahil ay sanay na sila sa 'min akaya kahit pa gano'ng naghahabulan kami, hindi nila makuhang mag-alala. Pero dahil maayos na ang pag-iisip ni Taguro ay hindi na siya nagpahabol pa. Magkahawak-kamay naming nilapitan ang bawat isang naro'n para pasalamatan.

Hindi ako makapaniwalang halos maiyak sa pagpapasalamat at saya si Taguro. Nagpapalakasan naman ng paghagulgol sina mommy at Parrot. Hinigitan pa nila ang excitement ni Taguro. Pero walang katulad ang luha ni Maxpein, ginto. Masiyado iyong espesyal kaya naman buong-pusong tinanggap ng lahat ang kaniyang pasasalamat. Gano'n na lang kahigpit ang yakap niya sa bawat isa. Gano'n na lang din ang pilit kong pag-agaw sa kaniya sa mga lalaking niyayakap niya. Nagsayawan kaming lahat sa pamamagitan ng naggagandahang boses nina Randall, Parrot, Yaz, *Noona*, Migz at BJ. Saksi ang buong isla kung paano kaming nilamon ng saya. Saksi ang buong isla kung paanong binago ni Taguro ang buhay ko sa gabing iyon.

At bago tuluyang lumalim ang gabi ay bumalik na kami sa hotel.

Gaya nang sinabi ni Chairman Enrile ay namanhikan kami sa pamilyang Moon kinabukasan matapos ang proposal ko. Maproseso pala talaga ang

pagpapakasal sa kultura nila. Kahit engaged na kami ay pwede pa palang maudlot iyon kung tatanggi ang pamilya ni Taguro. Kailangan pa naming pormal na mamanhikan.

Natuwa na nga lang ako nang sabihin nina Chairman Mokz at More na wala silang karapatang tumanggi. Gayong ang *Netjae* mismo ang sumadya para ipamanhikan ako. Bukod doon ay ipinagmalaki nila ang nararamdaman ni Taguro para sa akin. Na para bang isa iyong imposibleng bagay sa mundo na ginawa kong posible. Kung saan siya nga ang maswerte dahil makakatuluyan niya ako.

Nang sandali ring iyon ay inamin ng ikapat na hukom ang kanilang pakay. Nakausap na nila si More bago pumunta dito kaya nalalaman nila ang tungkol sa amin ni Taguro. Hindi nga lang inaasahan ng mga Moon na darating ito nang walang pasabi, nang wala sa plano, nang ganoon kaaga. Ngunit totoong kailangan nang maipasa ang posisyon ni Mokz kay More. Ginamit nga lang nilang dahilan iyon para mas mapabilis ang pagpapatali ni Taguro. Napakatalino, pabor na pabor sa akin.

Nang sandali ring iyon ay ipinaliwanag ni Chairman Enrile ang nakagawian nang proposal ng mga Pinoy sa *Netjae*. Tuloy ay nalito ang ilan sa pamilya ko, lalo na sina Randall at *Noona*. Sunod-sunod ang pagtatanong nila.

Nalaman namin na hindi pala nangyayari sa bansa nila ang ganoong proposals. Walang nagaganap na down-on-one-knee ng lalaki at pagbibigay ng engagement ring. Sa kasal naman ay bibihira rin ang wedding rings, bagaman may mga ganoon nang pangyayari. Ang simbolo raw kasi kung tutuusin ay base sa posisyon sa pamilya, at hindi gaya ng heirloom na ipinapasa-pasa para sa mapapang-asawa. At sa paraan nang pagkakuwento ni Chairman ay nasisiguro kong ang iniiwasan niyang banggitin ang kabilang bansa, ang South. Kung saan nakukuha na ng mga ito ang ganoong proposals mula sa ibang bansa. Ipinaliwanag ng Chairman kung gaano kahigpit sa modernong pagbabago ang bansa nina Taguro. Bagay na lalong ipinagkunot-noo at ikinalito nina Randall at *Noona*, bagaman naiintindihan ko.

Ipinaliwanag naman ni More kung paano ang paraan ng pagpapakasal sa kanilang kultura. Kung saan nagkikita muna ang mga myembro ng parehong pamilya at saka nagkakasundo tungkol sa kasal. Normal na raw ang arranged marriage sa kanila. Maswerte ang ikakasal kung magustuhan nila ang isa't isa. Pero ang *Netjae* ay mas pipiliin ang natural gaya ng sa

amin ni Taguro. Bukod doon ay ipinaliwanag nila na hindi naaayon sa kanilang kultura ang matagal na engagement. Sa loob ng isa hanggang tatlong buwan ay inaasahan nang maikasal ang engaged couple. Nang sandali ring iyon ay sinabi niya nang nakangiti na madalas ay sa hotel, beach, hall, o sa bahay lang nagaganap ang kasal sa kanilang kultura.

Hindi ko pa man naiisip kung saang church kami magpapakasal, ay 'ayun na ang ikinagulat ko sa dami ng kanilang sinabi. Gayunman ay hindi no'n nabawasan ang magandang pakiramdam ko. Tanggap ko na ang bawat dahilan, lalo na ang kultura ng taong minahal ko.

Kasunod niyon ay ipinakita sa amin ni Maze ang sangkatutak na papel. Ang karamihan ay titulo ng mga lupain na pagmamay-ari nila. At ang ilan naman ay listahan ng mga pangalan ng kanilang mga properties at charities. Ang lahat ng iyon ay pribado. Ngunit dahil sa kanilang kultura ay kailangan nilang ipaalam ang mga iyon sa amin.

"Saan nga pala gaganapin ang kasal? Maganda sana kung sa ibang lugar naman, right?" bigla ay tanong ni *Noona*, excited. **"I can't wait! Marami nang nabubuong plano sa isip ko ngayon pa lang! Gowns, gowns, gowns! Anong gusto mong theme, Maxpein?"** Hindi maalis ang ningning sa mga mata ni *Noona*. Nasaksihan ko ang tuwa niya kahit na umiiyak. Naramdaman ko ang kaniyang galak, masayang-masaya siya para sa amin.

"Anong theme?" ignoranteng tugon ni Taguro.

"Hindi mo alam ang theme?"

"Hindi pa naman ako ikinasal noon," inosenteng tugon ni Taguro, gusto kong manlumo.

"Tsh," nangibabaw ang nakakalokong reaksyon ni Maxrill, hindi na lang namin pinansin ang pagiging sarkastiko niya.

"In Korea," sagot ng *Netjae*. Nagugulat akong sumulyap dito, maging ang pamilya ko.

"Sa Korea?" nabibiglang tanong ni *Noona*.

Tumango ang *Netjae*. **"The Empery is waiting for them."**

"Empery? Seriously?" inosenteng ani Randall.

"Yes," sagot ng *Netjae* nang hindi inaalis ang paningin sa hawak na wine glass.

"Where the hell is this place called Empery, then?" hiniling kong sana ay hindi na lang nagtanong si Randall.

Nagtaas ng kilay ang *Netjae* at saka nilingon si bayaw. Makapanindig balahibo ang tinging iyon para sa gaya ko na nalalaman kung ano at sino ang *Netjae*. Pero bale-wala iyon kay Randall na napapahiya lang na ngumisi. Pinasadahan ng tingin ng ikaapat si Randall, nakataas ang noo saka bumuntong-hininga. **"It's not a place,"** naging makahulugan ang ngiti ng *Netjae*.

Nawala nang unti-unti ang ngiti ni Randall. **"What is it, then?"** halos ibulong niya na lang ang tanong.

"It's an empire," makapangyarihang sinabi ng *Netjae*.

Nilingon ko si Randall at napanood ko siyang matulala sa *Netjae*. Sinulyapan ko ang mga Moon, nakababa lang ang kanilang tingin. Habang si Taguro ay 'ayun, ngingisi-ngisi sa isang tabi na animong may kalokohang pinanonood sa isip.

Nakita ko nang mangunot ang noo ni Randall. At hindi ko inaasahan nang bigla ay tumawa siya. **"An empire? And you're the empress?"** Nilingon ni Randall si Maxwell. **"What the hell is she talking about, D? I can't believe she's got the guts to joke around her age."** Ngunit muli ay unti-unting nawala ang ngiti sa kaniyang mga labi nang makita kung gaanong kaseryoso ang kaibigan niya.

"Doon kami nakatira, sa Emperyo," sa wakas ay nagsalita si Taguro.

"Ano 'kamo, impyerno?" nagugulat na tanong ni Manang. Humagalpak ng tawa si Randall, nakahawak pa siya sa tiyan. Agad siyang pinigilan sa braso ni Chairman Enrile.

"Huwag na ninyong kuwestiyonin ang lugar na iyon," anang Chairman Enrile saka bumaling sa *Netjae* at tiningnan ito nang may paumanhin. **"Kung gayon ay hindi pala maaaring dumalo ang karamihan sa mga narito?"** mahina niyang dagdag.

"What?" sabay na singhal nina Randall at *Noona*.

"No more questions," pagtatapos ng Chairman.

Agad na namuo ang tensyon. Ang pamilya ko ay binigyan ng nangungwestiyong tingin si Chairman Enrile at mga Moon. At lalo na ang *Netjae*. Parang gusto nang magtaray ni *Noona*. Habang si Randall naman ay masama na ang tingin kay Bitgaram. Si Bitgaram na parang may sariling mundo sa kinauupuan.

Muling tumaas ang kilay ng *Netjae* at nilingon si Maxpein. Na para bang dito manggagaling ang desisyon. Nangunot naman ang noo ni Taguro na para bang kinukwestyon kung bakit kailangang siya ang sumagot.

"Pero...Chairman," nakangusong pagtawag ni *Noona*.

"Dein Leigh?" nananaway ang tinig ng Chairman. **"May sinusunod na kultura ang pamilya nila. Kailangan natin iyong irespeto."**

"Wait, what?" angil ni Randall, nilingon si Taguro. **"Now I'm really curious. Sinasabi ba ng Chairman na hindi kami pwedeng pumunta sa Korea?"**

"Anong lugar ba 'yon?" nag-aalalang tanong ni *Noona*.

"Pribado ang lugar na 'yon," kaswal na ani Maxwell saka bumuntong-hininga.

"Parang ang lugar na ito?" tinukoy ni Randall ang isla na iyon ng mga Moon sa Palawan.

"No," seryoso si Maxwell. **"Mas pribado pa kaysa rito."**

"I don't get it," naghihinala na si Randall. **"Kahit na sino sa amin ay hindi pwedeng sumama?"** Ang pagiging seryoso ng mga Moon ang sagot sa tanong niya. **"Kahit ang parents ng ikakasal?"** muli ay katahimikan ang sagot na natanggap niya.

Sandaling natahimik ang lahat. Ang pamilya ko ay pasimple at makahulugan na sumulyap sa isa't isa. Habang ang mga Moon naman ay 'ayun na naman sa kanilang misteryo. Hindi man sila sumulyap nang makahulugan sa isa't isa, bagaman nakatutok lang sa kung saan ang kanilang mga mata, may kung anong nagsasabi sa 'kin na nag-uusap sila. Na para ang kung magsasalita sila nang sabay-sabay ay iisa lang ang isasagot nila. Gano'n sila kawirdo. Gano'n ang kanilang misteryo.

"Of course," binasag ni Mokz ang katahimikan. **"Nasisiguro ko na gugustuhin ng lahat na masaksihan ang kanilang kasal. Pamilya at mga kaibigan nilang dalawa,"** tatango-tangong aniya. **"Ngunit ang lugar na iyon ay hindi ganoon kadaling pasukin."** Nakangiting nagbaba ng tingin si Mokz. **"Hindi basta-basta, maniwala kayo sa akin."**

"What?" reaksyon ni *Noona*. **"Then you mean, hindi talaga kami makakapunta, Chairman Mokz? No way! Why can't we come?"** magalang niyang tanong, nilingon sina mommy't daddy, nag-aalala.

"Maxpein will decide," pagbabasag ng *Netjae* sa namumuong tanong at tensyon sa pagitan ng aming mga pamilya.

Napabuntong-hininga si Taguro. Sandali siyang nakipagtitigan sa *Netjae* at sa kaniyang pamilya. **"We live in North Korea,"** bigla ay anunsyo niya, hindi ko inaasahan. Ngunit makikitang wala ni isang tumutol nang sabihin niya iyon. **"Our place is not open for everyone."**

Natulala ang pamilya ko kay Taguro, maliban sa akin. Tila inaalam nila kung nagsasabi ba ito nang totoo o nagbibiro. At nang mapatunayang hindi ito nagsisinungaling ay saka palang sila nagulat. Maging si Chairman Enrile ay gulat na gulat. Palibhasa'y nalalaman niya kung gaano kaselan ang usapin na ito, paniguradong hindi niya rin inaasahan ang sinabi ni Taguro.

Kahit hindi akma ay gusto kong matawa sa aking pamilya. Natatandaan ko pa ang gulat at kabang naramdaman ko nang malaman ko ang tungkol sa lugar nina Taguro. Pero sa nakikita kong reaksyon nila ngayon ay paniguradong hindi nalalayo ro'n ang gulat ko noon.

Nakangiti kong nilingon si Taguro. Hindi ko inaasahang sasabihin niya iyon. Hindi ko napaghandaan ang kaniyang pag-amin. Tuloy ay naghalo-halo na naman ang nararamdaman ko. Tanggap ko nang hindi niya iyon sasabihin kahit kailan. Tinanggap ko nang mananatiling sikreto ang maraming bagay na tungkol sa kaniya. Matagal ko nang tinanggap ang buong pagkatao niya. Kaya naman ang hindi maipaliwanag na paghanga na biglang sumibol sa dibdib ko ay pinangingilabot ako. May malaking parte sa dibdib ko na napanatag, parang may nabunot na tinik, nakahinga ako nang maluwang.

Pakiramdam ko ang sandaling iyon na ang simula nang pagpapakilala niya. Nang hindi ko hinihiling, nang hindi ko itinatanong. Iyong kusa niyang pagpapakilala. Ang totoong pagpapakilala ni Maxpein Zin "Taguro" del Valle-Moon.

Napasipol si Randall at hindi nakapagsalita. Si lolo ay napakamot sa sentido. Napailing si daddy at magkakasunod na bumuntong-hininga. Si mommy naman ay napamaang na para bang hindi nalalaman kung saan ang North Korea. Si *Noona* ay bahagyang napaiwas habang lumulunok, parang bigla ay natakot siya sa mga taong kaharap niya. Gusto kong matawa. Si Manang naman ay panay lang ang buntong-hininga. Si Chairman Enrile ay panay na lang ang kurap sa magkahawak niyang mga kamay.

"Hindi ko alam," halos mautal si Randall, nasa matalik na kaibigan ang paningin.

"Hindi naman lahat ay kailangan mong malaman," sagot ni Taguro.

"Bakit hindi mo sinabi?"

"Dahil hindi lahat ay kailangan kong sabihin."

"Tsh," natawa si Randall, animong nababaliw. **"I can't believe it."**

"Tss. Bakit?"

"Nothing," hindi mawala ang pagkamangha sa reaksyon ni Randall, hindi talaga siya makapaniwala. At naiintindihan ko ang gano'ng reaksyon niya dahil mas malala pa yata ro'n ang naramdaman ko. **"I just can't believe it."**

"Me, too," pabulong na sagot ni *Noona*. Hindi rin siya makapaniwala. Lahat yata ng pamilya ko ay gano'n. At nasisiguro kong dadaan ang araw at hindi pa rin magbabago ang gano'n nilang reaksyon.

"Why? What are your thoughts about my country?" nagtaas ng noo si Taguro. Seryosong-seryoso siya. Tuloy ay kinabahan ako. Pakiramdam ko ay nainsulto siya sa gano'ng reaksyon ng aking pamilya.

"Babe," hinawakan ko ang balikat niya.

"I'm sorry," seryosong ani Randall. **"Hindi lang ako makapaniwala dahil buong akala ko ay sa South Korea kayo nakatira. I'm sorry,"** paumanhin niya sa pamilyang Moon.

"Naiintindihan namin ang reaksyon ninyo," nakangiting ani Mokz, hindi na makita ang mga mata.

"Enough of this topic," binasag ni Maze ang gulat ng ilan. **"Ang kasal ng dalawa ay gaganapin sa Empery, Pyongyang, North Korea. Mayroon kaming sariling kultura, kaya ganoon. Maaari uli silang magpakasal dito sa Pilipinas bilang respeto sa inyong nakasanayang kultura."**

"Kung ganoon ay hindi pala namin masasaksihan ang unang kasal nila?" tanong ni daddy.

Hindi agad nakasagot ang mga Moon. Bigla ay nalungkot ako, napabuntong-hininga at nag-iwas ng tingin. Naiintindihan ko na ang sitwasyong iyon bagaman hindi ko naisip nang mas maaga na posibleng doon pala ganapin ang kasal. Ang isip ko ay masiyadong napako sa pagtanggap ni Taguro sa proposal ko.

Natinag ako nang bigla ay hawakan ni Taguro ang kamay ko. Nagugulat ko siyang nilingon. Wala pa man ay napangiti na 'ko nang makita ang kumikislap niyang mga mata.

"Kung maipapangako ninyong mananatiling lihim ang bagay na ito tungkol sa amin," hindi ko inaasahang si More ang magsasalita. **"Bibigyan ko kayo ng pahintulot na tumungtong sa aming bansa sa loob ng isang araw."**

"Isang araw?" nakangusong ani *Noona*.

"Isang araw," nakangiting sagot ni More.

"A--Are you sure, tito?" hindi na agad maitago ni *Noona* ang excitement. **"What about our close friends? I mean, 'yong mga kasama namin dito, tito."**

Tumango si More matapos bumuntong-hininga. **"Okay. They'll come with us."**

Napatili si *Noona* at tumalon-talon. **"Thank you, tito!"**

"Hindi naman ba kami mahihirapang pumasok sa bansa ninyo?" seryosong tanong ni lolo. **"Sapat na bang pinahintulutan ninyo kami? Paano ang visa namin?"**

"Walang problema," nakangiting ani More.

"Sigurado?" naniniguro ang ngiti ni lolo.

"May sarili kaming eroplano." Tumango si More.

Gusto kong manlumo. Ang eroplano na pag-aari ng mga Moon ang sagot sa lahat ng problema ng pamilyang ito.

Pasimple akong napangiti, napisil ko ang kamay ni Taguro. Sabay kaming lumingon sa isa't isa. **"Thank you,"** bulong ko.

"Anything for you," aniya sabay halik sa kamay ko. Nakangiti akong pinangunutan ng noo. Napakawirdo ngang talaga ng relasyon naming dalawa.

"Deib Lohr," seryosong baling sa akin ni Chairman Enrile. Napatitig ako sa mga mata niya at sumeryoso. **"Ngayon pa lang ay sinasabi ko na sa iyo na ang pagpapakasal kay Maxpein ay hindi gaya ng normal na pagpapakasal na nakikita at nalalaman mo."**

Napalunok ako. **"Naiintindihan ko, Chairman."**

"May mga batas na sinusunod ang Emperyo. At dahil nabibilang sa lugar na iyon ang babaeng pakakasalan mo, kailangan mong manumpa at sundin iyon nang buong puso."

Isa-isa kong natingnan ang mga Moon. Lahat sila ay nakatingin din sa akin, seryoso, walang emosyon, naghihintay ng sagot. Tumango ako. **"Gagawin ko, Chairman."**

"Ang pagkilos, pagdedesisyon at pagdidisilpina sa aming kultura ay malayo rin sa nakalakihan at nakasanayan mo," seryoso iyong sinabi ni More.

Muli akong napalunok. **"Naiintindihan ko, Chairman More,"** hindi ko alam kung tama bang tawagin ko na siyang gano'n.

"Si Maxpein ay sinanay para maging proteksyon, nangunguna na para sa kaniyang pamilya," patuloy ni More. **"Darating ang panahon na**

bubuo kayo ng pamilya, at ikaw ang tatayong Chairman. Hindi madaling magdesisyon, pero hindi mo na hawak iyon. Gagawin mo kung ano ang naaayon sa batas, kahit pa sa tingin mo ay hindi iyon tama."

"Yes, Chairman," malapit na akong mautal. Kinakabahan ako dahil pakiramdam ko ay gano'n na iyon kabigat bagaman wala pa.

"Hindi mo siya maaaring pigilan. Kung magdesisyon siya ay kailangan mo siyang suportahan," huminto siya at taas-noong bumuntong-hininga.

"Yes, Chairman."

"Nalalaman mo ang tungkol sa mga *rango* ng Emperyo."

"Yes, Chairman," tumikhim ako.

"Mapapabilang sa mga iyon ang magiging anak ninyo."

Natigilan ako ngunit agad ding bumawi. **"Yes, Chairman."** Nagbaba ako ng tingin. Hindi ko iyon naisip! Tuloy ngayon ay nape-pressure ako.

"Hilingin mong maging lalaki ang anak mo." Seryosong-seryoso si More. **"Dahil hindi magiging madali kung sakaling babae ang maging anak ninyo. Alam mo ang pinagdaanan ng anak ko."**

Napatitig ako sa kaniya. Hindi ko na malaman kung ano ang isasagot. Nasulyapan ko si Taguro, mababaw ang ngiti niya nang lingunin ako. Naramdaman ko lang ang kaniyang suporta nang pisilin niya ang kamay ko.

"Naiintindihan ko, Chairman," ang tanging naisagot ko.

"At kung sakaling makagawa ng mali ang iyong anak," muli siyang bumuntong-hininga. **"Nakita mo kung paano kong dinisiplina si Maxpein sa pagkakamaling ginawa niya."** Batid kong ang tinutukoy niya ay iyong sandaling pinana niya si Maxpein. **"Sa isip mo ay mali ang ginawa ko. Pero sa mata ng batas ay sumunod ako."** Doon nayanig bigla ang mundo ko.

Aaminin kong bigla akong nakaramdam ng kaba. At hindi lang iyon basta-bastang kaba, kundi matinding kaba. Napapalunok kong inisip ang mga posibleng nangyari. Gusto kong bawiin bigla ang beinteng anak na hiniling ko at makontento sa isang gusto ni Taguro.

Ngunit kahit gaano kalalim, kahirap, kabigat at kasakit ang gano'ng batas nila, hindi ko magawang urungan si Taguro. Dahil nasisiguro kong mas kaya ko ang lahat kung nandiyan. Mas hindi ko kakayanin kung ako lang mag-isa, kung wala siya.

"Iniirespeto ko ang batas ninyo," sagot ko.

"Iyon lang," nakangiting tumango si More. Doon natapos ang usapan.

Nagpaalam ang *Netjae* at si Bitgaram nang sumunod na linggo. Kinailangan na nilang bumalik sa Norte. Kami naman ay sabay-sabay na bumalik sa Laguna kasama ang mga Moon. Bitbit naming pare-pareho ang saya. Hindi nga namin halos naramdaman ang pagdaan ng araw.

Agad na plinano ng parehong pamilya namin ni Taguro ang kasal sa kanilang bansa. Hindi mawala-wala ang excitement. Ang lahat ay gustong gawing posible ang lahat ng imposible, gano'n kami kaespesyal sa kanila. Nakakatuwang isipin, napakasarap sa pakiramdam.

Hindi nila kami inabala. Tuloy ay wala kaming ginawa ni Taguro kundi ang mag-date. Talagang binawi niya ang mga araw siyang nawala sa tabi ko. Madalas siyang pumunta sa BIS para kumustahin ako. Kapag abala naman siya sa pag-aasikaso ng mga papeles sa pag-aaral ay sinusundo ko siya. Paulit-ulit pero walang sandaling nakakasawa. Gaya nang nakasanayan ay panay pa rin ang balyahan namin ng salita. Ngunit ang mahalaga ay tumatawa at nagkakasundo kami sa huli.

Ipinagkatiwala namin ang lahat ng pagpaplano sa pareho naming pamilya. Lalo na sa mga Moon. Bagaman ang lahat ay naaayon sa kanilang kultura, tumanggap ng ilang pabor ang mga Moon mula kay *Noona*.

Syempre, hindi pumayag sina Yaz, Parrot, BJ, Migz at Randall na hindi sila kakanta sa okasyong iyon. Sila rin ang pumili ng mga kanta, ayaw ipaalam sa amin ni Taguro. Ang mga isusuot at ihahanda ay ipinagpaubaya nila sa mga Moon. Dahil may sinusunod na naman sila tungkol doon.

Kinausap ni More ang mga bisita tungkol sa nakagawian nila. Ang mga bisita ay kailangang magregalo ng halaga na naaayon sa ikinabubuhay nila. Ang kasuotan at ang istilo ng kanilang mga buhok ay hindi niya nakalimutan. Maging ang pagdadala ng anumang gadgets ay ipinagbawal ni More, bagay na bahagyang ikinalungkot ng karamihan. Paulit-ulit na paliwanag at pagpapaalala naman ang ginawa ni President Moon tungkol sa kanilang lugar, kung gaano iyon kaistrikto. Sinabi niya ang pagpipiring ng mga mata na gagawin sa mga bisita habang nasa eroplano. Ang pagbibiro tungkol sa kanilang bansa ay higit na lalong ipinagbawal niya.

Bilang lang ang bisita, iyong malalapit lang talaga sa aming pamilya. Awtomatikong imbitado sina Yaz at Parrot, bagaman malungkot silang hindi makakasama ang kanilang mga magulang. Sina Migz at BJ din ay agad na napayagan. Sa mga Gozon ay sina Lee, Kim at Keziah lang ang imbitado. Si Tob lang ang pinadalhan ng imbitasyon sa mga Yanai. Si

Randall lang din ang sa Echavez. Makakasama ang buo kong pamilya, maging si Manang, bagaman nakalulungkot na hindi niya maisasama ang mga anak niya. Hindi rin makakasama ang pamilya ni Heurt, siya lamang ang tanging inimbitahan. Masaya si Michiko dahil nakasama siya sa mga makakadalo.

Ipinaalam namin sa buong BIS, maging sa SIS, ang tungkol sa kasal. Nagdaos sila ng maliit na seremonyas para sa amin. Nagbigay naman kami ng kaunting pasasalamat. Nang sandaling iyon ay nasabi ko na mararamdaman mo lang ang tunay na saya at sarap ng buhay kapag nalampasan mo ang lahat ng sakit at hirap.

Ang bawat segundong pumapatak nang kasama ko si Taguro ay ang pinakamasasayang segundo ng buhay ko. Ang maikasal at magkaroon ng pamilya sa kaniya ang pinakamagandang regalo na matatanggap ko.

Tatlong araw bago ang nakatakdang araw ng pagpunta namin sa Norte ay ipinatawag kami ng mga Moon sa kanilang mansyon. Buong pamilya kaming pumunta dahil may importante raw silang sasabihin.

Pinaghandaan ko iyon. Nang makarating kami sa kanilang mansyon ay ipinuwesto ko na ang aking plano. Ang malaking teddy bear na matagal ko nang gustong ibigay kay Taguro ay iniupo ko sa driver's seat. At saka ko inilagay sa mga braso niyon ang pumpon ng pulang rosas na binili ko.

Naupo ako sa passenger's seat saka bumusina nang bumusina. Gaya nang inaasahan ay nagulat saka tumawa nang tumawa si Taguro matapos iyong makita.

"Ka-sweet namang aso nito," aniya.

Naglapat ang mga labi ko. **"Oso 'yan, Taguro,"** hinalikan ko siya sa pisngi. Ang kamay kong dumapo sa kaniyang balakang ay agad na nag-init. Pinisil ko siya ro'n at tiningnan nang deretso sa mga mata. **"Na-miss kita."**

"I miss you, too," sagot niya na ang paningin ay nasa mga rosas na.

"Nagustuhan mo?"

"Oo," tumingin siya sa akin at humalik. **"I love you."**

Isinandal ko siya sa sasakyan at saka hinalikan. **"I love you,"** bulong ko.

"Pasok na," anyaya niya.

"Saan?" ngumisi ako.

Sumama ang tingin niya. **"Kung nakakabuntis lang ang tingin at mga salita mo, tatlo na siguro anak ko."**

"Hindi naman ako makakapayag ng gano'n, Taguro. Mas gusto ko 'yong tamang proseso para mambuntis ng tao."

Umikot ang mga mata niya. **"Grabe! Wala na akong masabi!"** Iginiya niya ako, kami na lang ang hinihintay nang makapasok.

'Ayun na naman sila sa pagiging galante. Napakarami nilang inihandang pagkain para sa amin, hindi namin napaghandaan. Sandali kaming nakipagbatian at nakipagkumustahan. Iba talaga ang saya ng mga Moon sa t'wing makokompleto kami.

"Ipinatawag ko kayo rito para ipaalam na aalis na kami mamayang gabi patungong North Korea," nakangiting panimula ni More nang magsimula kaming kumain.

Nagulat ako, at ang aking pamilya. **"Ngayon na?"** kunot-noong tugon ko, na kay Taguro ang paningin. Tumango lang siya saka muling lumingon sa ama.

"Darating kayo sa Korea sa takdang araw ng kasal. Makakasama ninyo ang inyong Chairman kaya hindi ninyo kailangang mag-alala," tinanguan ni More si Chairman Enrile.

"Babe," nakangusong tawag ko. Natawa agad siya. **"Tatlong araw kitang hindi makikita?"**

"Gawin na nating lima para masaya," humalakhak siya.

"Hindi ba talaga ako pwedeng sumama?" nakalabing lambing ko. **"Kilala naman na nila ako, hindi ba?"**

"Isang araw lang ang ibinigay ni Chairman More, ha ha ha, matipid," biro ni Mokz.

"May pinagmanahan ka pala, Taguro," nakangusong bulong ko.

"Doon sila yumaman," natatawang biro ni Lolo Dei Min.

"Mas exciting nga 'yon, Deib Lohr," sabad ni *Noona*. **"After three days pa kayo magkikita at sa kasal niyo na!"** mas kinilig pa siya.

Tch. You have no idea, Noona. Mahirap 'yon! Sinamaan ko ng tingin si Taguro. **"Eh, paano 'yon? Wala man lang akong rehearsals?"**

"Ano ka, bride?" angil ni Taguro.

"Tch. Bride lang ba ang nire-rehearse? Hindi ba't bride at groom 'yon? Tch. Paano ko malalaman kung ano ang gagawin ko ro'n?"

"Nandoon ang Chairman ninyo, Deib Lohr," malumanay, tumatangong ani Taguro, na para bang isang napakadaling bagay ang ipinagagawa niya. **"Hindi mo dapat mag-alala kasi may mga aalalay sa 'yo ro'n. At isa pa, mabilis lang ang seremonyas na nakasanayan namin sa Korea."**

Gusto ko pang kumontra. Pero dahil nga ganoon ang nakasanayan nila ay paniguradong hindi rin ako uubra. Naisip kong humingi na lang ng tulong sa pamilya at mga kaibigan ko tungkol sa gano'n.

Kunsabagay, ang gagawin ko lang naman ay maghintay. Hehehe. Maghintay na ianunsyong ganap na kaming mag-asawa. Bwahahaha! Taguro Enrile! Napangiti ako sa maganda kong ideya. **"Sisipot ka naman, 'di ba?"** nakanguso kong tanong.

Humalakhak siya. **"Baka mapatay na talaga ako ng Emperyo kung papanain kita."**

"Papanain?" nanlaki ang mga mata ko.

"Indian pana, kakana-kana," kumanta siya. At kahanga-hangang ang lahat ng myembro ng pamilyang Moon ay tumawa sa ganoong klase ng biro niya! Na para bang iyon 'yong biro na hindi ka na bibigyan ng komportableng posisyon dahil para kang kinikiliti sa katatawa. Maging si Heurt ay tumawa. Hindi ako makapaniwala.

Lumaylay ang mga balikat ko. *Hindi na ako aasa pa na makakapagbiro siya nang talagang nakakatawa. Tch.* **"Alright, then, I'll see you in three days,"** bagaman malungkot ay nakangiti kong sinabi. **"Siguraduhin mong darating ka talaga, ah!"**

Humalakhak ang mga Moon. **"Wala siyang mapagtataguan gayong alam ng buong Emperyo ang okasyon, Deib Lohr,"** ani President Moon. **"Wala kang dapat na alalahanin."**

"I trust you, tita," ngumiti lalo ako.

Ang agahan na iyon ay inabot ng tanghalian at hapunan dahil sa hindi maputol na kwentuhan. Pinuno namin ng tawanan ang buong mansyon. Ang tanging lungkot na naramdaman namin ay ang katotohanang hindi namin makakasama si Chairman Moon sa ganoon kaespesyal na okasyon.

Pero lamang pa rin ang saya. Dahil nagawang ibahagi nina Maze at More kung paano silang nagkakilala. Maging kung paanong naging posible ang pag-iisang-dibdib nila. Naikuwento ni Mokz kung gaanong naging mahirap para sa kaniya na mapatunayan ang loyalidad sa pamilyang Moon. At hindi lang sa mga ito niya pinatunayan iyon, maging sa buong Emperyo.

Ibinahagi rin ni Maxwell ang bawat dahilan kung bakit ganoon na lang ang pagmamahal niya sa pag-aaral. Kung nalaman ko siguro ang tungkol doon noong nag-aaral pa ako ay baka mas sinipag ako. He's very inspiring.

Hindi nawala ang tawanan nang ang kabataan na ni Maxrill ang napag-usapan. Sa sinapupunan pa lang daw kasi ay matakaw na ito. Kinailangang

huminto noon nina Maze at More sa pagtatrabaho dahil lalo lamang daw ginugutom ang Presidente. Bagaman ang sandali ring iyon ang pinakamalungkot dahil si Maxrill umano ang matagal na nakasama ng kanilang Chairman. Si Maxrill ang dahilan kung bakit nabawasan ang pagiging istrikto ng Chairman. Kung saan si Maxpein naman ang sumubok sa pagiging istrikto nito.

Ang pinakatutukan ko ay ang pagbabahagi ni Taguro sa kaniyang nakaraan. Nakangiti niya iyong ikinuwento pero hindi nakisama ang mga mata niya. Naramdaman namin kung gaano iyong naging mahirap. Hindi ako makapaniwalang sumuko na rin pala ang isang Taguro sa laban. Nakakagulat malaman na naranasan niya rin palang matalo. Pero nagawa niya ring iparamdam sa amin kung gaano kasarap ang nararamdaman niya ngayon.

Gusto kong purihin si Taguro nang tumulong siyang mag-ayos ng hapag-kainan matapos ang salo-salo. Sinundan ko siya at palihim na pinanood maghugas ng mga plato. At nang matapos siya ay saka ako lumapit upang hawakan siya sa mga braso padausdos sa kaniyang baywang.

"I love you," bulong ko. Pinagdampi niya ang pareho naming pisngi at pinagkiskis. Gusto kong matuwa. Pakiramdam ko ay napakalambing niya na no'n.

"I love you, too," pabulong niyang tugon saka humarap sa akin.

Napangiti ako nang ilapat niya ang parehong palad sa dibdib ko saka bahagyang sumayaw. Tumitig siya sa mga mata ko at basta na lang ngumiti. Gusto kong itanong kung ano ang kaniyang iniisip. Pero pinipigilan ako ng magandang sandali.

"Where do you want to put your flowers and bear, babe?" nakangiting tanong ko.

"Sa kwarto." Simple lang naman sana ang sagot na 'yon pero nagmukhang iba dahil sa nakakaloko niyang ngisi.

Tumaas ang kilay ko sabay ngiti. **"Do you want me to join you?"**

"Lead the way," muwestra niya.

Nakamaang akong tumango-tango sa kaniya saka bumitiw. Kinuha ko ang mga bulaklak saka binuhat ang bear. Mayamaya pa ay nasa daan na kami papunta sa kwarto niya.

"Dinala ko mo pala ang mga 'to?" Iyong mga Stik-O ang tinutukoy ko. Iyong ipinabili ko kay Mang Pitong noong nasa Palawan kami.

"Maiiwan ko ba naman ang regalo ng lalaki ko?" aniya habang ipinupuwesto ang mga rosas sa vase na nakapatong sa kaniyang mesa.

Iginala ko ang paningin sa buo niyang kwarto. Pakiramdam ko kasi ay naging maaliwalas doon. Nabawasan marahil ng mga gamit. Ang kama niya ay nasa gitna na ng kwarto. Sa harap niyon ay may pabilog na carpet kung saan nakapatong ang pabilog din na mesa. Nasa ibabaw naman niyon ang flower vase na hawak niya ngayon.

Bukas ang pinto kaniyang veranda at nililipad ang kurtina. **"Bakit ang hilig mong magtago sa dilim, babe?"** walang ano-ano'y tanong ko.

"Saan?" lumingon siya sa 'kin.

"No'ng mga panahong pinupuntahan mo 'ko nang hindi ko nalalaman. Hindi ka nagpapakita pero namamataan kita."

"Para astig," nakangising tugon niya saka marahang lumapit sa 'kin. **"Akala mo ba ay madaling magtiis na hindi ka makita? Mahirap, Sensui."**

Gusto ko siyang asarin matapos sabihin 'yon. Pero hindi ko nagawa. Dahil kahit gano'n kasimple niyang sinabi iyon ay naramdaman ko ang bigat. At si Taguro lang ang nakakagawa no'n. Nagagawa niyang iparamdam ang hirap at sakit sa pagkukwento lang.

"Madalas ay mainit ang ulo ko. Kapag ayaw ko ang mga bagay na ipinagagawa sa 'kin, naiisip kong magrebelde na lang at gawin ang gusto ko. 'Buti na lang nando'n ang mga kapatid ko para patinuin ako," patuloy niya.

"Tingnan mo naman ngayon ang premyo mo," pagyayabang ko.

"Tss."

"Hindi ko rin magawang tanggapin no'n na wala ka na. Hindi ako naniniwala. Pero ang sakit-sakit no'n, Taguro. Parang ayaw ko na ring mabuhay. Tamang-tama 'yong pagdating ni Chairman. "

"Tigilan na natin ang pag-uusap sa mapait na nakaraan. Dahil mas masarap namnamin ang tamis ng kasalukuyan." 'Ayun na naman siya sa pagiging malalim.

Pinanood ko siyang ihawak ang mga palad sa dibdib ko. Napangiti ako nang magsimula siyang umindayog papunta sa kaliwa't kanan. Napamaang ako nang magsimula siyang mag-hum ng kantang gano'n palang pero sintunado na.

"Mabuti na lang at mahal kita," pigil ko ang tawa nang sabihin 'yon.

"Bakit?" inosente niyang tanong.

"Wala." Umiling ako. **"Anong kinakanta mo?"**

"Gusto mong marinig?"

"Tch. Syempre!"

Lumapit siya sa player at may pinindot doon. Ngumiti siya nang muling makalapit, na para bang gano'n naman kaganda ang boses niya. **"Hindi ko alam kung bakit ikaw ang naaalala ko sa kantang 'yan."**

"Sa lahat naman yata ng kanta ay ako ang naaalala mo," biro ko.

"Gano'n nga."

"Seryoso?" pinigilan kung ngumiti.

Tumango siya. **"Lalo na sa Multong Bakla."**

"Tsk."

"Joke lang, hehe."

"Hindi nakakatuwa."

"Joke nga lang, babe," bigla siyang naglambing. Inangkla niya ang mga braso sa leeg ko at saka nagnakaw ng halik. Mayamaya ay nag-hum na naman siya. Nagpigil ako ng tawa.

"Ano ba 'yan?" tanong ko na nilingon pa ang player.

"Pakinggan mo."

"Kantahin mo."

Tumitig siya sa mga mata ko at saka ngumiti. **"*Time I've been patient for so long. How can I pretend to be so strong?*"**

Sinabayan niya ang kanta nang hindi inaalis ang paningin sa akin. Hindi ko mapigilan ang mapangiti habang pinapanood siya at pinakikinggan.

Iniyakap ko ang parehong braso sa kaniya at mas isinayaw siya.

"*It's gonna be love, it's gonna be great, it's gonna be more than I can take. It's be free, it's gonna be real, it's gonna change everything I feel. It's gonna be sad, it's gonna be true. It's gonna be me, baby. It's gonna be you, baby. It's gonna be...its gonna be...love*."

Marahan kaming sumayaw, iyong indayog na namang papunta sa kaliwa at kanan. Ewan ko ba kung bakit nakakahawa ang ngiti niya. Lumalampas iyon sa kaniyang mga mata.

"*Maybe it's everything were dreaming of, we waited long enough*."

Pinakinggan ko ang bawat salitang lumalabas sa bibig niya. Doon ko nakuha kung bakit ako ang naiisip niya sa t'wing maririnig ang kanta. May mga linya kasing nagpapaalala sa ilang pinagdaanan naming dalawa.

It's gonna be sad. It's gonna be true. It's gonna be you're the one to do. It's gonna be hard. It's gonna be tough. It's gonna be more than just

enough. It's gonna be love. And it's gonna be strong enough. Hindi na nawala pa ang mga linyang iyon sa isip ko ang malunod ako sa magagandang mata ni Taguro.

Nang gabi ring iyon ay inihatid namin ang mga Moon sa airport. Ang eroplano nila ay babalik bago ang nakatakdang araw para kami naman ang sunduin at ihatid sa Norte.

Bago bumaba sa rampa ay hinarap ako ni Taguro at yinakap. Tumingala siya sa 'kin nang ang mga braso ay nakayakap pa rin. **"See you soon, Mr. Enrile,"** ngiting-ngiting aniya, animong kinikilig.

Hindi ko naiwasang matuwa. **"See you, Mrs. Enrile."**

Ngumiwi siya. **"Mrs. Enrile, huh?"** tumango-tango siya. **"Hindi ba't ang mommy mo 'yon?"**

"Tch. Mabuti na lang talaga at mahal kita, Taguro," ginulo ko ang buhok niya. **"Hayaan mo, kapag mag-asawa na tayo ay tuturuan kita nang tamang pagbibiro,"** bulong ko. Ngumuso siya kaya natawa ako. **"Siya nga pala, babe. May ginawang party si Randall para sa 'kin. Para lang daw 'yon sa mga lalaki."**

"Tss. Talagang si Randall pa, ah? Nakakaintriga," maangas niyang sinabi.

"Sayang, gusto pa naman ni Parrot na mag-shower-shower kayo. Aalis ka na pala."

"Anong shower-shower?"

"'Yong party-party ng mga babae."

"Tss. Kaartehan lang 'yon."

Tch. Hindi ko na lang siya kinontra pa. Dahil baka may iba silang paniniwala tungkol sa kasal. **"Surprise me, okay?"**

Ngumisi siya. **"Be careful what you wish for."**

"Why would I if my wishes do come true because of you?" naglabas ako ng dila, nang-aasar. **"I've got another wish and I'm sure you'll grant it."**

"What is it?"

"You'll know."

"Tss. When?"

"Once you say I do."

Ngumiwi siya. **"Okay,"** nagpigil siya ng tawa.

"Kinilig ka?"

Sumeryoso siya bigla. **"Ano naman ang nakakakilig doon?"**

Nanlumo ako. **"'Yong shower-shower, 'yon ang nakakakilig, Taguro. Tch."** Inilingan ko na lang siya saka hinalikan sa pisngi at noo. **"See you soon, baby babe. I love you, babe."**

"I love you," nagpatangkad siya upang halikan ako sa labi. **"Mauuna na kami. Excited na akong makita ka uli."**

"Ako rin," hindi ko napigilang ngumiti, ang cute niya. Kinuha ko ang jacket at isinuot iyon sa kaniya. **"Wait for me,"** hinawakan ko ang parehong pisngi niya saka siya hinalikan sa labi.

"Naghihintay na ang pamilya ko, Deib Lohr."

"Na magiging pamilya ko na rin? Okay. I love you." Kumakaway ko siyang pinanood na lumayo.

Ang inaasahan ko ay malulungkot ako gaya ng dati nang tuluyan kong makita ang eroplano nila sa himpapawid. Nakakapanibago dahil nang sandaling iyon ay hindi mawala ang ngiti sa aking labi. Masasabi ko na kahit papaano ay may ipinagbago na talaga ako.

Nang sumunod na araw ay agad akong nagpaturo kina lolo, daddy, Chairman at Randall tungkol sa kasal. Hindi naman mapakali si mommy kaya nag-hire pa siya ng wedding planner at coordinator para lang matuto ako. Iyong may nalalaman sa Korean wedding culture ang kinuha niya. Bagaman hindi namin nasisiguro kung may pinagkaiba ang wedding culture ng Sur at Norte. Dalawang araw rin ang ginugulo ko bago ko masabing natuto na ako. Maging ang tamang pagsasayaw sa bride, ang pagngiti at pagtango sa mga espesyal na tao at kultura sa tamang pagkain at pag-inom sa bansa ay itinuro nila. Nakakatuwa na para bang napakarami ko na namang nalaman.

Nang ikalawang gabi ay naganap ang stug party. Pero gusto kong matawa dahil nagmukhang inuman lamang iyon. Kung si Randall lang daw ang masusunod ay may ihahain siyang babae sa 'kin. Pero mula raw nang malaman niyang taga-Norte si Taguro, nagdalawang-isip na siyang gumawa ng mali rito.

"I still can't believe that they live in North Korea," iiling-iling na ani Randall, lasing na.

"Grabe, 'dre, ganiyan na ganiyan ang reaksyon ko nang malaman ko 'yon! Ang sabi ko pa, mystery solved!" ani Tob, lasing na rin. **"Ikaw, Lee? Naisip mo ba 'yon?"**

"Hindi," lango na ring tugon ni Lee.

"Dapat nilipad mo!"

"Ang alin?"

"'Yong bansa nina Taguro!" nagtawanan sila.

"'Oy, mga loko. Bawal 'yan sa kanila, ah?" angil ko.

"Nandito pa naman tayo," nakangising ani Randall, lasing na talaga.

"Bakit hindi mo nilipad, Lee? Anong silbi ng kapa mo?" nang-aasar na biro ni Tob.

"Wala naman kaming business doon," tugon ni Lee.

"Putsa, 'dre, nasa party tayo, negosyo pa rin ang iniisip mo?"

"Nabanggit ko lang." Bumaling sa akin si Lee, hindi na ako magawang tingnan nang deretso sa mga mata. **"Hindi ba nakakatakot do'n, Deib?"**

"Sa una, oo." Napangiti ako nang maalala kung paanong ipinakita sa akin ni More ang mga *rango*. **"Pero kapag nalaman nilang bisita tayo ni Taguro, ng mga Moon, mawawala ang kaba mo. Maganda ang lugar nila, sobra. Nakakamangha."**

"Marami bang chicks?" kumindat si Randall.

Natawa ako. **"Puro maton ang babae ro'n."**

Kinilabutan si Tob. **"Mala-Maxpein, gano'n, 'dre?"**

Ngumiwi ako. **"Medyo. Pero iba talaga 'yong angas ni Taguro."** Nakangisi ko silang tinanguan. **"Grabe 'yong mga *rango*, parang sinaunang sundalo."** Gusto kong maghimig na nagbibiro. Pero ang pagkamangha ko sa mga 'yon ay hindi ko maitago.

"Astig," sabay-sabay nilang sabi. Na noon ay sandaling natigilan na para bang gumawa ng imahe sa isip kung ano ang tunay na hitsura ng tinutukoy ko.

"May plano na kayo tungkol sa honeymoon?" nanunukso ang tinig ni Randall. **"'Yan 'yong exciting part, bro."**

Sumimangot ako. **"Not yet. I'm excited about it though. Pero hindi namin napag-usapan kahit ilang beses kaming lumabas nitong nakaraan."**

"Siguro after wedding nalang. Pumunta kayong Maldives."

"Tch. Puno ang hilig ni Taguro. May sarili naman siyang isla kaya hindi na mae-excite sa beach 'yon."

"Eh, di doon mo dalhin sa Arizona. Maraming puno ro'n, at mukha naman siyang amazona," biro ni Tob. Humalakhak lahat sila.

"Sira-ulo mo, Hapon!" angil ko. **"At least ang fiance ko, matalino!"**

"'Oy, loko ka, ah! Namemersonal ka, 'dre, ah? Masipag kaya si Michiko!" singhal niya dahilan para maghagalpakan kami ng tawa.

"Nabanggit sa akin ni Zarnaih na nakausap niya si Maxpein tungkol sa honeymoon," nakangising kwento ni Lee. Hindi na pantay ang pagkakaupo at may dumi na sa mga daliri.

"Oh, anong sabi?" sabay-sabay naming tugon nina Tob at Randall, nagsipagtunghayan kaming tatlo sa kaniya. Ngumisi si Lee. Iyong ngising nakakaloko at mukhang may kung anong kalokohang iniisip. Tuloy ay na-excite kami, lalo na ako.

"Ano raw, Lee?" pangungulit ko.

"Nagplano rin daw sila."

"Ng ano?"

"Ng honeymoon."

"Natural! Ano ngang plano nila?"

"Honeymoon nga, Deib."

"Ay, putsa, wala 'to," iling ni Tob. **"Ano nga ang honeymoon na plinano nina Parrot at Taguro, 'dre? That's the question!"**

"Tsh. Hindi raw uso sa kanila ang honeymoon," tugon ni Lee habang nakaturo ang hintuturo sa kisame, dahilan para manlumo kaming tatlo. **"Ang tao raw ro'n ay bumabalik na sa trabaho kinabukasan matapos magpakasal."**

"Tch, seryoso ba talaga siya ro'n?" ngumuso ako. **"Ganiyan na ganiyan nga ang sinabi niya sa 'kin,"** asik ko. **"Hindi ako makapapayag ng gano'n, 'oy! Enrile 'to!"** Saka ako tumingala sa kisame. Hindi yata ako malalasing dahil hanggang sa sandaling iyon ay masaya ako. **"Gusto kong magkaro'n ng maraming anak kay Taguro. Dapat ang honeymoon namin ay every month. Tch."**

It's not about sex. It's not always about sex. Hindi ko lang talaga maiwasang maisip na matapos ang kasal ay magkakaanak agad kaming dalawa. Iyong pareho naming babantayan, pareho naming aalagaan, at pareho naming palalakahin. Doon ako higit na nananabik. Gusto ko siya makitang magbuntis. Gusto ko siyang alagaan nang pinaghihirapan. Gusto ko siya mapanood manganak. Gusto ko siya makasamang magpalaki nang maraming anak. Gusto ko siyang makatuwang sa hirap, saya at sarap. Gusto ko siya!

Putsa. Pinatid mo lang noon, pakakasalan mo na ngayon. Paano nangyari 'yon? Napangiti ako sa naisip ko. *Taguro...Taguro...Taguro...tsk tsk tsk.*

"Deib Lohr, bilisan mo diyan, nandiyan na si Dirk!" nakakarindi ang tinig ni *Noona*.

"'Eto na!" gustuhin ko mang mainis ay hindi ko pa rin magawa. Hindi na yata talaga mawawala ang saya sa dibdib ko. Nakangiti pa akong tumakbo pababa habang bitbit ang maleta ko. Iyon na ang pinakahihintay kong araw.

Nagulat ako nang tumili si *Noona* habang mamasa-masa pa ang mga mata. **"You're getting married na!"**

"Tch."

"Mommy! Our bunso is getting married na!"

"Shut up, *Noona*." Natawa ako.

"Siya pa rin ang baby ko," ikinawit ni mommy ang kamay sa akin saka ako inakay papalabas.

Ang magandang ngiti ni Dirk ang bumungad sa amin. Tumango siya. **"Good evening."**

Agad na kinuha ng mga tauhan ang iilang bagahe namin saka kami inalalayan papasakay sa sasakyan.

Tahimik ako sa buong byahe. Ang bibig ni *Noona* ang hindi natahimik. Hindi ko itatangging nagsisimula na akong kabahan. Pero sadyang nalalamangan iyon ng masarap na pakiramdam.

Sa airport na kami nagkita ng iba pang makakasama sa Korea. Lalo akong na-excite. Iyon bang napakataas ng energery ko. Lahat ng dapuan ng mga mata ko ay napapangiti ako. Kahit hindi naman masiyadong nakakatawa ang biro ay bigay na bigay ako. Napapasayaw ako sa pila. Kung ano-anong masasayang kanta ang tumutugtog sa pandinig at isip ko. May mga masasayang sandali akong naaalala tapos bigla kong ibibida. Masiyado akong bibo nang sandaling iyon. Parang nagpapatong-patong iyong saya ko. Gano'n kasarap ang pakiramdam.

Nang makasakay naman kami sa eroplano ay panay na ang pananahimik ko. Paminsan-minsan ay sumasabad sa usapan nila pero kadalasan ay nakangiti lang at nakatingin sa kawalan. May sandali pa ngang tulog na ang lahat pero ako ay nakangiti pa rin sa mga ulap.

Hindi na ako makapaghintay. Ang isip ko ay gumagawa na ng sariling seremonyas. Paulit-ulit kong nakikita ang imahe naming dalawa ni Taguro na nagsasabi ng "I do". Napapanood ko kung paano siyang iiyak habang papalapit sa akin. Nakikita ko sa isip ang lahat ng mangyayari kahit pa hindi ako siguradong ganoon na ganoon nga ang mangyayari.

Kinakabahan ako pero hindi iyon 'yong kaba na pag-aaalalahanin ako. Iyon lang yong takot na magkamali ako dahil wala man lang kaming inensayo. Gaya ng sinabi ni *Noona*, noon lang kami makakakita ng kasal na idaraos nang wala masiyadong paghahanda.

"Ladies and gentlemen we are approaching Democratic People's Republic of North Korea," anunsyo ng piloto. Kasunod niyon ay lumabas si Dirk at nakangiting tumango sa amin.

Naghintay akong kumilos siya pero hindi siya natinag sa kinatatayuan. **"Hindi mo ba pipiringan ang mga mata namin?"** bagaman nakangiti ay nanghihinayang na tanong ko.

Umiling siya, na ikinagulat ko. **"Enjoy the view,"** isinenyas niya ang mga bintana. Napatitig ako sa kaniya, nagtatanong. Pero ngiti lang ang isinagot niya sa akin. Hindi ako makapaniwala.

Nagugulat akong napatunghay sa bintana at napapamaang na naghanap ng makikita.

Unti-unting nanlaki ang mga mata ko nang sa wakas ay makita ko ang nahahawing mga ulap. Hindi ako makapaniwalang hahayaan nila kaming makita ang lugar. Ang inaasahan ko ay pipiringan ulit ang mga mata ko, namin. Iyon ang isa sa mga paalala nila bago ang araw na ito. Hindi ko alam kung ano ang nakain ng mga Moon para ipakita sa amin ngayon ito.

Naghiyawan sa paghanga ang mga kasama ko. Ngunit hindi ko nagawang ituon sa kanila ang paningin ko. Dahil noon ko lang din nakikita ang tanawin na iyon. Ang panghihinayang ko ay nabura dahil sa dahilang iyon.

"'Uy, si BJ, tuwang-tuwa, nakarating na ng ibang bansa!" pang-aasar ni Migz. Hindi niya naman natinag si BJ na noon ay talagang manghang-mangha.

Nawala ang kaninang mga laman ng isip ko. Nang sa wakas ay makita ko ang magandang lugar nina Taguro. Hindi iyon katulad ng ibang bansang napuntahan ko. Panay gusali lang ang makikita, wala akong mamataang atraksyon, iyong masasabi kong nakikita ko sa mga pelikula. Kung ano-anong tore ang nakikita ko. May parteng masasabi kong sibilisado, ngunit ang karamihan ay hindi. Ngunit hindi doon natuon ang atensyon ko. Kundi sa kung alin doon ang mismong Emperyo.

Mula sa maliit ay unti-unting naging malaki ang mga bahay, gusali at kung ano-ano pang tanawin ng North Korea. Kapansin-pansin ang trianggulong tore, iyon na yata ang pinakamataas na gusaling namataan ko.

Ngunit mayamaya lang ay panay tubig at bulubundukin na lang ang nakikita ko. Noon ay napagtanto kong paparating na kami sa Emperyo.

"Ladies and gentlemen, please prepare for landing," muling anunsyo ng piloto, ang punto ay ganoon sa mga Koryano.

May kalakihan ang airport. Ngunit hindi na namin nagawang pasukin iyon. Ni hindi nagtagal ang pagsulyap namin. Dahil nang sandaling lumapag ang eroplano ay isa-isa na kaming inalalayan ni Dirk papunta sa private chopper.

Syempre, namangha na naman ako dahil hindi iyon 'yong ginamit namin nang unang beses na magpunta ako rito. Ngunit dahil nandoon ang simbolo ng mga Moon ay hindi ko na kailangang manguwestiyon. Oo, pag-aari nila iyon.

Hindi man kasinggarbo niyong naunang chopper ang kasalukuyan, kahanga-hangang nagkasya kaming lahat dahil sa laki niyon at haba. Kakaiba talaga ang lakas ng mga Moon.

"'Eto na!" tili ni Parrot. Natawa kami nang pangiliran siya ng luha. **"Grabe! Hindi ko akalaing sa ganito kabonggang eksena mauuwi ang fairy tale ninyo! I'm happy for you, Deib."**

Tanging ngiti ang naisagot ko sa kaniya. Hindi ko maisatinig ang tuwa ko't saya. Nakangiti akong sumulyap sa bintana at pinanood ang marahan na naman naming paglipad.

"Tagabundok pala ang lola niyo," ani BJ, nakatunghay rin sa tanawin.

"Oh, di ba, life is unfair? Taga-siyudad ka na, bakla, pero mukhang sa gubat ka pa rin nagmula," pang-aasar ni Migz.

"'Yang bibig mo, Agripa, ha!" duro ni BJ.

"Gaga, malay mo dito ka makahanap ng nobyo. Iyong myembero ng mga tribo."

Nagtawanan kaming lahat. Ngunit matapos niyon ay sinaway kami ng Chairman. **"Hindi kayo pwedeng magsalita ng ganiyan oras na makarating kayo sa Emperyo. Malinaw na ipinaliwanag iyan ni President Maze sa inyo."** Nakangiting tumango si Chairman Enrile upang hindi isipin ng mga itong galit siya.

"Pagpasensyahan niyo na po ang bibig nitong best friend ko," ani BJ. **"Pumasa lang kasi iyan dahil sa incentives. Hindi natuto ng magandang asal."**

"Hindi ka kasi magandang ehemplo," pagbabalik ni Migz.

Nang matigil sa biruan ang dalawa ay muli na naman kaming nalunod sa paghanga. Maraming magagandang lugar sa aming bansa, pero may maipagmamalaki rin ang lugar na 'yon. Nagtatayugan ang malulusog na puno at mga halaman. Asul na asul ang tubig. Berdeng-berde naman ang mga bundok. Talagang hindi na kataka-takang mas pinipili pa rin ni Taguro na doon magpunta sa t'wing magulo ang isip niya.

Dumagundong sa kaba ang dibdib ko nang matanawan ko na ang papalapit na Emperyo. Hindi ako pwedeng magkamali. Bagaman may kaliitan pa iyon sa paningin ko ay nasisiguro kong iyon na nga iyon.

Tumingin ako sa kaliwa at nakita ang Kaechon. Tumingin ako sa kanan at namataan ang Monarkiya. Saka ko nalingunan ang Dynastiya.

"Sa Emperyo tayo tutuloy," ani Chairman Enrile. **"Nasa palasyo ng parliyamento na ang mga Moon."** Lumingon siya at ngumiti sa akin.

Hindi ko malaman kung anong reaksyon ang ipapakita sa kaniya. Hindi ko rin malaman ang isasagot kaya sa halip ay napalunok na lang ako. Muli kong tinanaw ang papalapit nang Emperyo. Nananabik na akong makatungtong uli ro'n.

"So fetch!" bulalas ni Yaz nang sa wakas ay makalapag kami. Napapamaang niyang iginala ang paningin. **"As in dito nakatira ang Maxwell ko?"** natutop niya ang bibig. **"Kaya pala nahulog agad sa akin ang loob niya kasi maganda ang lugar nila!"**

"'Wag ka ngang ilusyunada, ate? Ang gusto ni Maxwell ay 'yong gandang nababasa at ikinatatalino niya! Hindi 'yong ganiyang mukha na kasing kapal lang ng medical books niya!" singhal ni Parrot.

Gaya ko at nang iba pang naro'n, at matindi ang paghanga niya sa buong lugar. Hindi ko sila masisisi. Dahil kahit ikalawang tungtong ko na iyon ay hindi pa rin mahimasmasan ang paghanga ko. At paulit-ulit yata iyong mangyayari kahit walang magbago sa Emperyo.

Halos walang ipinagkaiba ang tanawin ko ngayon mula nang una ko itong makita. Bukod sa naging mas matayog at malago ang mga puno't halaman, ay lalo lamang naging malinis ang mga daan. Halatang tinabas ang mga damo, at winalis ang mga tuyong dahon na nakakalat. Mapayapa pa rin ang lugar. At walang kasing-aliwalas ang paligid.

Mabilis na nanguna si Dirk sa amin at agad din kaming nagsipagsunuran. Naririnig ko si Chairman Enrile na panay ang abiso sa mga kaibigan ko. Pero hindi ko na siya magawang tutukan. Kasabay si mommy ay muli kong pinasok ang Emperyo.

"Wow," mahaba at naging matunog ang kanilang paghanga. Para bang hindi naniniwala sa nakikita.

"What is this place?" halos humiyaw si Parrot.

"Welcome to the Empery of the Moon," ani Dirk, maganda ang pagkakangiti.

"Pag-aari ba ito ng mga Moon?" tanong ni Migz.

Umiling si Dirk. **"Pag-aari ito ng bayan."** Saka niya iminuwestra ang daan. **"Mayroon kayong isang araw upang gamitin ang isang lenggwahe. Wala kayong kakausapin hangga't maaari."**

"Saan tayo pupunta?" pangungulit ni *Noona*.

"Sa bahay ng mga Moon," ang tanging sagot ko.

Agad kong iginala ang aking paningin. Hinintay kong magsipaglabasan ang mga *rango* gaya nang ginawa ng mga ito nang unang dating ko. Pero kataka-takang wala akong makita ngayon maski na isa.

"Nasa'n ang mga tao?" takang tanong ko.

"Nasa Kaechon na ang lahat, maging ang pamilyang Moon," tugon ni Dirk. **"Hinihintay tayo."**

"Ha?" nagtatakang tugon. Naging peke ang pagngiti ko. **"Hindi ba't ako dapat ang naghihintay doon para sa bride ko?"**

Natitigilang tumitig sa akin si Dirk saka nakangiting umiling. Sa reaksyon niya ay para bang may mali sa tanong ko. Gustuhin ko mang mangulit ay hindi ko magawa dahil hindi niya naman ako sinagot.

Bago pa man namin marating ang bahay nina Taguro ay natanawan na namin si Bitgaram. Nakangiti niya kaming hinintay na makalapit. **"*Annyeonghashimnikka,*"** bati niya. Hindi ko malaman kung bakit pakiramdam ko ay may nagbago sa kaniya. Ngayon ay nararamdaman ko na ang posisyon niya. Hindi gaya noong una kaming magkita. Marahil ay dahil narito kami sa teritoryo nila.

Pinatuloy kami ni Bitgaram. Muli kong iginala ang paningin ko sa buong bahay ng Moon. Walang ipinagbago ang ayos at mga gamit. Pakiramdam ko tuloy ay kahapon lang ako nanggaling dito. Kahit na ang totoo ay ilang taon na ang nakalipas mula no'n.

"Nasa itaas ang mga taga-silbi, sila ang aasikaso sa inyo. Sa kaliwa ang kwarto ng mga babae. Sa kanan naman ang mga lalaki. Si Deib Lohr ay may sariling tutuluyan. Mauuna ang karamihan sa iyo," bumaling siya sa akin. **"May partisipasyon sila sa kasal."**

"Meron din naman ako," nakangusong sagot ko. **"I am the groom,"** mayabang kong tuloy.

Nakangiti siyang tumango. **"May isang oras ka para maghanda,"** paliwanag ni Dirk.

"Isang oras ko pang paghihintayin si Taguro?" nagugulat na tanong ko.

Nakangiti niya akong pinagkunutan ng noo. **"Walang problema. Nanunumpa pa naman siya."**

"Nanunumpa saan?"

"Sa harap ng *centro*."

"Hindi ba't kaming dalawa dapat ang gumawa no'n?" sinikap kong maging pormal, bagaman mahirap. *'Eto na nga ba ang sinasabi ko. Hindi kasi kami nag-rehearse. Parang nangangapa tuloy ako.*

"Ang panunumpa na iyon ay para sa pinakamataas na *rango*, Deib Lohr. Si Maxpein 'yon," sabad ni Chairman Enrile. Napabuntong-hininga na lang ako. **"Sumunod na lang tayo sa kanila."**

Iginiya kami ni Dirk paakyat. Hindi ako nagkamali nang maisip kong doon ako patutuluyin sa kwartong tinuluyan ko noon. Inihiwalay ako sa ibang mga lalaki. Matunog ang naging pagngiti ko nang manumbalik sa 'kin ang alaala ko ro'n. Kakatwang sariwa pa sa 'kin ang lahat, pero naghilom na ang natamo kong sugat.

May apat na lalaking nakatayo sa magkabilang gilid ng kama. Kakaiba ang mga suot nila. May sombrerong hindi ko maipaliwanag ang hitsura. Ang kanilang damit ay kulay berde mula sa balikat hanggang sa saya. Inutusan nila akong maligo at gano'n nga ang ginawa ko. Habang nasa banyo ay hindi ko maiwasang manibago. Pakiramdam ko ay may mali. Para bang wala sa mga inaasahan ko ang nangyayari sa harap ko. Hindi ganoon ang kasal na madalas kong nakikita. At hindi ko alam kung bakit patuloy pa rin akong nagtataka gayong paulit-ulit nang nasabi sa 'kin na iba ang kanilang kultura.

May tiwala ako sa 'yo, Taguro. Alam kong pakakasalan mo 'ko.

Sinulyapan ko ang singsing na noon ay ipinatong ko sa sink. Talagang hindi ko inihihiwalay iyon sa akin. Ngunit natigilan ako nang may maisip. **"Bakit nga ba nasa akin pa 'to?"** nagugulat na bulalas ko saka nagmadaling tapusin ang pagligo. *Tsk! Dapat ay nasa kanila na 'to! Ano ang bibitbitin ng ring bearer?* Inis akong nagpunas saka ibinalabal ang roba

sa sarili. *Sino nga ba ang ring bearer bukod kay RD? Hindi naman pwedeng si Maxrill. Masiyado na siyang malaki.*

Nagitla ako nang makalabas ay nagsipagyukuan ang apat na lalaki. Hindi talaga sila umalis sa gilid ng kama. Ang ganda ng kanilang tindig ang nagsasabi kung gaano kataas ang respeto nila sa 'kin.

"Ah..." hindi ko alam kung ano ang sasabihin. Alam kong walang makakaintindi sa akin. Kaya naman lumabas ako at sumilip sa hallway. *Nasa'n kaya si Chairman?*

"Is there anything that you need?" Halos mapatalon ako nang mangibabaw ang tinig ni Bitgaram sa likuran ko.

"I'm looking for our Chairman."

"He's no longer a Chairman," ngiti niya. **"I'll call him."**

Tch. Muli akong pumasok. Ngunit muli ring nagulat nang pagbaling ko sa kama ay kakaiba ang mga damit na aking nakita. Naguguluhan kong tiningnan isa-isa ang mga lalaki saka napalunok.

"Deib Lohr?" nangibabaw ang tinig ni Chairman sa likuran ko.

"Ano' to?" naguguluhang tanong ko. Hindi na nawala ang paningin ko sa mga damit na nakalatag sa kama.

Napahalakhak ang Chairman. **"*Hanbok* iyan kung tawagin dito, apo,"** lumapit siya at umakbay sa akin. Tinapik niya ang balikat ko. **"Iyan ang isusuot mo sa kasal ninyo."**

"Ha?" napamaang ako sa Chairman saka muling nilingon iyon.

Kulay itim ang *hanbok* na sinasabi niya. Pagkalalaki ng mga iyon at pagkahahaba. Magarbo ang disenyo. May isinasabit sa balikat, merong para sa ulo, may isinusuot sa tuhod, at ang mas nakakagulat pa ro'n ay mga saya iyon!

"Magpapalda ako?" napapalunok kong tanong. Saka ko siya nilingon. **"Ang inaasahan ko ay mamahaling suit ang isusuot ko, Chairman,"** bigla ay nanlumo ako. Nanlambot ang mga tuhod ko at wala sa sarili akong napaupo. **"Hindi...ganito..."** Wala akong intensyong maliitin ang tradisyunal na pananamit na iyon. Sadyang naninibago lang ako, nalilito, at wala talaga akong alam.

Hindi ko tuloy naiwasang maalala na ipinagpaubaya namin sa mga Moon ang halos lahat ng pagpaplano. Tiwala naman ako dahil naro'n si Chairman Enrile para umalalay. Kaya pala wala silang nabanggit tungkol sa mga isusuot, dahil alam nilang pare-pareho na may sinusunod pala silang tradisyon.

"Hindi gano'n ang nakasanayan dito," natawa siya. **"Iyan isusuot mo, apo ko. Iyan ang kultura natin dito."**

Naihilamos ko ang pareho kong kamay sa mukha. **"Lalo akong pagtatawanan ni Taguro."**

Tumawa siya. **"Hindi mangyayari iyon sapagkat natural ito. Ganito ang damit pangkasal ng mga taga-rito, Deib Lohr."**

"Bakit hindi ninyo sinabi? talaga namang naninikip ang dibdib ko sa panlulumo.

Hindi ko pwedeng sabihin na hindi ko ito naisip. Dahil buong akala ko ay reyna't hari lang ang nagsusuot ng ganito. Nakakita na rin naman ako ng mga tradisyunal na pananamit nila. Pero hindi ko naisip na posibleng magsuot ako no'n sa ganitong okasyon. Sa kasal ko mismo! Nakakaloko.

Nang sandali ring iyon ay naisip ko kung ano ang hitsura ni Taguro. Bigla ay nabura sa isip ko ang maputi at matingkad niyang wedding gown. Bigla ay nabura sa isip ko ang nakatali niyang buhok at kumikinang na mga alahas. Lahat ay napalitan ng kamukha niyong nakalapag sa kama.

"Chairman..." muli akong napahilamos. **"Pagtatawanan talaga ako ng mapapang-asawa ko."**

Humalakhak talaga siya. **"Maniwala ka sa akin, hindi mangyayari iyon."**

Nag-angat ako ng tingin sa kaniya. Ang intensyon ko ay ipakita sa kaniya ang aking panlulumo. Ngunit natigilan ako nang makita ang kislap sa kaniyang mga mata. Para bang sinasabi ng mga iyon na magiging maayos ang lahat. Bigla ay nagbago ang pakiramdam ko. Bigla ay nawala ang panlulumo. Bigla ay nanumbalik ang pananabik sa aking dibdib.

Bumuntong-hininga ako at tumayo. Ngumiti naman siya at tumango-tango. Saka siya lumapit sa akin at iminulat sa magkabilang gilid ang pareho kong braso. Sinenyasan ng Chairman ang apat na lalaki at gano'n nalang kabilis ang naging pagkilos ng mga ito. Isa-isang nagsipagdamputan ang mga iyon sa kama at nakangiting lumapit sa akin.

Naunang isinuot ang panloob, napabuntong-hininga na lang ako. Kulay krema iyon, makintab at madulas sa balat. May nararamdaman akong cotton sa loob, tila ma bulak. Tuloy ay nagmumukhang malalaki ang hita ko.

Ang sumunod ay pagkalaki-laking pang-ibabaw, napapikit ako. May matitigas na disenyong ginto iyon sa magkabilang balikat hanggang dibdib,

maging sa dibdib hanggang sa tiyan na hugis naman ay bilog. May nakaukit na papaikot na dalawang dragon doon.

Matapos niyon ay may itinali silang kung ano sa dibdib ko, nakamot ko ang sentido. Kulay itim iyon at may tahi na kulay ginto rin.

Ang isa sa mga tauhang nakaberde ay kinuha ang magkabilang kamay ko. Saka niya ako pinahakbang sa hindi ko maipaliwanag na hitsura na sapatos. Kulay itim at matigas man sa paa ay malambot namang tapakan. Nakakailang nga lang dahil may takong iyon sa unahan at dulo ng talampakan.

"Chairman..." nanlulumong bulong ko.

Humalakhak si Chairman. At aaminin kong noon lang ako namangha sa ganda ng pagtawa niya. Napatitig ako sa mukha ng Chairman at noon ko lang napansin ang edad niya. Sa tagal naming nagkasama ay hindi ko napapansin ang kaniyang hitsura. Sa t'wing makikita ko siya ay parang hindi nagbabago ang mukha niya. Ngayong tumatawa siya sa harap ko, iyong tawang may halong saya at paghanga, hindi ko maintindihan kung bakit parang natutuwa ako.

Bigla ay para akong ginanahan. Para na naman akong nanabik. Iyong pananabik na para bang...'eto na, ito na talaga 'yon. May matatanggap akong bagay na hindi materyal. Iyong hindi lahat ay nakukuha pero hinahangad nang kahit na sino. Iyong maipagyayabang ko dahil masasabi kong pag-aari ko, sariling akin, at walang ibang magkakaroon nang gano'n. Gano'n ang ipinaramdam sa 'kin ni Chairman nang sandaling iyon.

Wala sa sariling napangiti ko. **"How do I look like?"**

"You're..." nakangiti siyang umiling-iling. At hindi ko inaasahan nang mamasa ang mga mata niya. **"You're the meaning of happiness, Deib Lohr."** Naestatwa ako nang makita ang sunod-sunod na pagpatak ng kaniyang luha. Saka siya tatawa-tawang lumapit upang yumakap sa akin. **"Congratulations for having the best day of your life, Deib Lohr. You're now marrying the girl of your dreams. She's marrying the best and the right man of her life. I am happy for you."**

"Thank you," emosyonal kong naisagot. Hindi ko matandaan kung may minsan na bang nakaramdam ako nang ganoon sa Chairman. Nakakapanibago pero aminado akong napakasarap ng pakiramdam na 'yon.

Humiwalay siya sa akin at pinahiran ang sariling luha. **"Let's go?"** anyaya niya. Tumango ako.

Muli niyang pinahiran ang mga luha na pinahihirapan siya dahil sa patuloy na pagpatak. Niyuko niya ang sombrero na gaya ng mga suot ko ay may kakaiba ring hitsura. Wirdo sa paningin ko ang disenyo niyon, may dalawang tusok sa magkabilang gilid. May kung ano-anong nakasabit, kulay itim na mga tali na may gintong bilog sa dulo. Ang mga disenyo rin niyon ay nakahilerang ginto mula sa unahan papunta sa likuran.

Hinawakan ako ng Chairman sa magkabilang braso at saka iniharap sa salamin. Nang una ay nagulat ako. Ngunit nang huli ay hindi ko na magawang alisin ang paningin ko sa sarili. Gusto kong tanungin kung ako nga ba iyon. Parang hindi ko na makilala ang sarili ko. Noon ko lang nakita ang lahi ni Chairman sa mukha ko. Mukha akong Koryano.

Hindi ko maipaliwanag ang pakiramdam habang naglalakad kami papalabas. Ang paghanga ng mga tauhan ay mababasa sa kanilang mga mata at tagal nang pagkakatitig sa akin. Maging si Dirk ay tumaas ang noo na para bang awtomatikong naging respetadong tao ako. Nanibago bigla ako sa pakikitungo nila sa 'kin. Samantalang kanina ay panay ang ngiti niya lang sa akin.

Si Bitgaram ay gano'n din. Nag-angat siya ng tingin at matagal na tumango nang may kababawan sa akin. Ang paghanga ay naro'n din sa kaniyang mga mata. Tila may gusto siyang sabihin pero piniling sarilinin na lang dahil baka ako magyabang.

Naging maingat sa pag-alalay sa 'kin ang mga tauhan, lalo na si Chairman, nang sumakay ulit kami sa chopper. Talagang wala na ro'n ang mga kaibigan ko. Bigla akong kinabahan. Iyong kaba na malayo sa mga nauna kong naramdaman. Bagaman malapit na ang pinakahihintay kong sandali ay para naman akong masusuka. Hindi ko malaman ang pakiramdam. Nilalamig ako pero naiinitan. Katamtaman lang ang klima pero para akong minamalarya. Kakaiba. Ganito ba talaga katindi ang epekto ni Taguro?

Talagang kakaiba dahil nang nasa himpapawid ay hiniling kong sana ay malayo pa. Pero narating namin ang Kaechon sa isang iglap. Mas matagal pa nga yata ang paglipad at paglapag. Mas kinabahan ako nang malala. Pero ang puso ko ay nananabik na kay Taguro.

Nararamdaman ko na si Taguro mula pa no'ng pasukin namin ang bansa. Kahit noong naro'n ako sa Emperyo at siya ay nasa Kaechon, nararamdaman ko sa puso ko na malapit lang siya. At ngayong iisang lupa

na lang ang tinatapakan namin ay naghuhurumintado na ang buong sistema ko.

Hindi ko maintindihan kung bakit sa t'wing mararamdaman kong makikita ko na si Taguro ay ganito ang nararamdaman ko. Para bang taon-taon na lang lagi ang hinihintay ko. Iyon 'yong pakiramdam na masasabi mong sa wakas! Iyong pakiramdam na masasabing mong 'eto na! Iyong pakiramdam na maisisigaw mong 'ayan na siya! Gano'n ang pakiramdam. Alam ko lang ang sasabihin pero hindi ko maipaliwanag nang tama. Dahil sadyang kakaiba.

Hindi madali ang sitwasyon ko dahil mabigat ang malalaking suot ko. Mahirap maging komportable. Kailangan pa nga akong alalayan sa bawat kilos. Kaya naman gano'n na lang ang lalim ng hiningang nahugot ko nang mamataan ang tatlong kabayo sa harapan ko.

"Pag-aari ng magkakapatid ang mga iyan. Iyong itim sa gitna ay kay Maxpein. Iyong dalawang puti ay kina Maxwell at Maxrill," paliwanag ni Chairman, bilib na bilib.

"Hindi ako sasakay diyan, 'di ba?" nakangiti kong tugon.

Tumango siya. **"Sasakay ka."**

Umiiling kong nilingon si Chairman saka ako nameke ng tawa. **"I'm not going to ride that thing, Chairman, believe me."**

Humalakhak siya. **"You will, trust me."**

"No," lalo akong tumawa.

Ngunit hinigitan niya pa ang pagtawa ko! **"Yes."**

"Chairman?" hindi ako makapaniwala.

"Kultura, Deib Lohr, kultura."

"Pinagti-trip-an niyo lang yata ako, eh?"

Napamaang siya saka muling natawa. **"Syempre, hindi! Ngunit kung ganoon iyon sa tingin mo, eh, di isipin mo na lamang na isa itong magandang kabayaran sa mga kalokohan mo sa nakaraan."**

Tumaas ang kilay ko. **"Ano ang maganda sa pagsakay sa kabayo? Natatakot ako!"** Gusto kong bumalik sa chopper at magmaktol. **"Nasa'n na ba si mommy?"**

"Deib Lohr, apo!" nasapo ni Chairman ang sariling noo. **"Ikakasal ka na, 'sus, ginoo!"**

Natakpan ko ang mata ko saka muling humugot nang malalim na hininga. **"Babe!"** sigaw ko. **"Babe..."** nagpanggap akong maiiyak. Natawa

si Chairman maging ang mga tauhan. **"Ano ba 'tong ginagawa ko?"** nanlalata kong bulong.

"They're waiting," ani Bitgaram, at walang ano-ano ay lumapit siya sa kabayo at kinuha ang tali nito. **"Come, I'll help you,"** magalang niyang sabi.

Naestatwa ako. Napapamaang kong tiningnan siya at ang tatlong kabayo. Panay ang sulyap sa akin niyong pinakamaliit. Pakiramdam ko ay kay Maxrill 'yon dahil panay ang siring. Iyong malaking puti naman ay panay ang kutkot sa damo, tila naghahanap ng sagot doon. Dahilan para masiguro kong kay Maxwell iyon. Iyong itim naman ay sumisipa dahilan para mag-alinlangan akong sakyan 'yon.

"Maglalakad na lang ako," umatras ako.

"Kailangan mo talagang sumakay sa kabayo," nagpigil ng tawa si Dirk. **"Naghihintay na sila, Deib Lohr."**

Nilingon ko si Chairman. Ngunit sa paraan nang pagkakangiti niya ay para bang wala akong dapat na ipag-alala. Nanguna si Dirk at kasunod no'n ay si Chairman. Ngunit makailang hakbang palang ay muli niya akong nilingon at nginitian. Inilahad niya ang kamay sa akin na tinitigan ko muna bago inabot. Hindi ko magawang alisin ang paningin sa kaniya habang papalapit kami sa mga kabayo.

Nakakatuwa dahil hindi ko magawang isipin ang pinagdaanan namin. Hindi ko magawang balikan 'yong tingin at nararamdaman kong disgusto sa Chairman noon. Ngayon ay basta ko na lang nararamdaman na masaya ako dahil nandito siya para sa akin.

Mag-aalinlangan pa sana muli ako ngunit napalitan iyon ng paghanga nang sa isang salita ay bumaba ang kabayo ni Taguro. Napatitig ako kay Bitgaram, tila itinatanong kung paano niya nagawang pasunurin ang kabayo. Tuloy ay hindi naging mahirap para sa akin na sumampa. Bagaman nakaalalay pa rin silang lahat sa akin, ingat na ingat.

Muli iyong inutusan ni Bitgaram, at kahanga-hangang marahan na tumayong muli ang kabayo. At lalo akong humahanga dahil pag-aari iyon ni Taguro.

Hindi niya naipagmalaki sa 'kin 'to. Napangisi ako sa sariling naisip.

Hindi ko akalain na si Chairman Enrile at si Bitgaram ang sasakay sa dalawa pang kabayo. Habang si Dirk at ang mga tauhan ay nasa harapan at naglalakad lang. Madamo ang parteng iyon na nasa likuran ng Kaechon.

Hindi ko na yata matandaan ang buong lugar niyon, hindi gaya ng Emperyo.

Pero nang sandaling matanawan ko ang palasyo ng parliyamento ay nanumbalik na naman ang iba't ibang alaala at pakiramdam sa 'kin. Ngunit ang lahat nang iyon ay nginingitian ko na lang ngayon.

Marahas na tinalon ni Bitgaram ang kabayo upang makababa, nagpapasikat. Pinanood ko siyang takbuhin ang ilang baitang ng hagdan sa harap ng palasyo. Napamaang na lang ako nang bigla ay hampasin niya nang buong puwerso ang gong sa tabi. Nakabibingi ang lakas niyon, hindi ko naiwasang mapailag. Inulit niya iyon ng isa pang beses saka pumunta sa gitna ng pasilyo.

Taas-noo siyang humarap sa akin at tinitigan ako nang deretso sa mga mata. Kunot-noo kong nilabanan ang tingin niya at sa isip ay itinatanong ko kung ano ang ginagawa niya. Walang ano-ano ay yumukod siya sa isang tuhod habang ang isang kamay ay nasa likuran.

Nalilito kong nilingon si Chairman ngunit ngiti at tango lang uli ang isinagot niya. Sumunod niyon ay bumaba na rin siya upang alalayan ako. Nakangiti siyang tumango-tango at tumalikod sa palasyo. Gumaya naman ako. Ipinuwesto ni Chairman ang parehong kamay sa likuran saka tumingala sa makulimlim ngunit papadalim nang langit. Gumaya naman uli ako.

At gano'n na lang ang pagkamangha ko nang sunod-sunod na magliparan ang paputok. Kulay pula, puti at asul, napakagaganda.

"Magsisimula na," aniya.

Napalunok ako at lumingon sa Chairman. Inilahad niya ang kamay sa akin. Muli kong tiningnan iyon bago inabot. Gusto ko na namang maguluhan. Gusto kong itanong kung nasaan ang pamilya namin. Pero ang magandang pakiramdam, iyong misteryosong sandali, ay pinananahimik lang ako. Para bang sinasabi ng kakaibang sitwasyong iyon na namnamin ko na lang ang lahat. Iyong kapana-panabik na pakiramdam. At sa pananahimik at pagmamasid ko lang iyon mararamdaman.

Kakaiba ang katahimikan ng lugar, lalo na ang nangingibabaw na liwanag ng palasyo ng parliyamento. Dahan-dahan akong humakbang paakyat sa bawat baitang, natitigilan at hindi mapakali sa paggala ang mga mata. Ang bawat kanto ng palasyo, na hindi naman unang beses kong makita, ay tinatapunan ko ng tingin. Hindi nakasisilaw ang liwanag, ang

totoo ay madilaw ang mga ilaw. Pero ang kakaibang liwanag niyon, na nagagawang tanglawan ang kabuuan ng isla, ay sadyang kapani-panibago.

Bago marating ang pasilyo ng palasyo ay may nangibabaw na musika sa pandinig ko. Pamilyar ang tugtugin. Malumanay ang tipa ng piano. Nakaaakit ang himno ng violin. Na sinasabayan nang madagundong na bagsak ng drums. Ang mga iyon ay dumaragdag sa umaalong pakiramdam ko. Paulit-ulit ang panimula niyon, sinasabayan ang bawat hakbang ko. Sadyang kakaiba, hindi ko malaman kung paano ko pang naipapaliwanag ang pakiramdam.

Nang sa wakas ay humakbang ako papalapit sa harap nang napakataas at mabigat niyong pinto ay saka ako nahinto. Nag-alinlangan akong buksan iyon, nag-aalala sa kung ano ang makikita ko. Nagsimulang manginig at manlamig ang aking mga kamay, gumapang 'yon sa kabuuan ng katawan ko.

"Go on, apo," ani Chairman, napalunok lang ako.

Open the door, Deib Lohr... May kung ano sa loob-loob kong paulit-ulit na sinasabi 'yon. At alam ko kung ilang beses akong nag-alinlangang gawin 'yon.

Nang muli akong sumubok na buksan 'yon ay biglang nangilid ang luha ko. Hindi ko maintindihan, kinakabahan ako ngunit saya ang nangingibabaw sa dibdib ko. Isang bahagi ng isip ko ang nagsasabing alam ko na kung ano ang sorpresang naghihintay sa akin. Ngunit isang bahagi rin ng pagkatao ko ang natatakot na mabigo.

Ang pintong 'yon ay hindi nalalayo sa malalaki at nagtataasang pinto ng mga palasyo. At talaga namang nakadaragdag iyon sa kaba at pag-aalinlangan ko. Hindi ko maintindihan kung bakit kailangang pumasok ako nang mag-isa ro'n. Kahit pa sabihing naro'n si Chairman. Ganito ba ang kasal sa kanila?

At kung bakit kailangang gano'n kaliwanag ang ilaw, at kung bakit kailangang gano'n kalakas ang tugtog, at kung bakit kailangang gano'n ang kanta. At kung bakit kailangang ako ang pumasok sa pinto, kung saan dapat ay si Taguro ang gumagawa no'n.

Kinalma ko ang sarili. Ilang beses akong humugot nang napakalalim na hininga bago ko tuluyang hinawakan ang mahabang lockset.

Halos mahugot ko ang hininga nang tuluyan ko nang buksan ang pinto. Minsan pang bumagsak ang dagundong ng drums bago tuluyang mangibabaw ang tinig ng isang lalaki.

I have often dreamed of a far off place. Where a hero's welcome would be waiting for me. Iyon pa lang ang linya ng kanta pero nangilid na ang aking mga luha.

Nanlalaki ang mga matang naigala ko ang paningin. Hindi ako makapaniwala sa aking nakikita.

Where the crowds will cheer when they see my face. And a voice keeps saying, this is where I'm meant to be.

Is this true?

Nangunot ang noo ko nang makita ang dagat ng tao. Pawang pormal sa pagkakatayo. Magaganda ang ngiti sa labi at sabik ang mga matang tutok na tutok sa akin!

I'll be there someday, I can go the distance. I will find my way if I can be strong.

Ang mga normal na tao sa bansang iyon ay nasa mababa hanggang sa paitaas na hilera ng upuan, na siyang pumapalibot sa kabuuan ng palasyo. Mga opisyal, sundalo at tauhan naman ang nasa ibaba at siyang halos na sumasakop sa lapag.

Sadyang napakarami ng tao. Para akong nasa konsyerto ng kilalang banda ng manganganta. Ang kaibahan nga lang, sa sandaling ito ay ako ang bida. Dahil talagang ang mga mata nila ay hindi maalis sa akin.

I know every mile, will be worth my while. When I go the distance, I'll be right where I belong.

Dumapo ang paningin ko kina Bitgaram at Laieema. Sila ang nasa unahan, pawang mga gwardiya na binabantayan ang aking lalakaran. Pareho silang nakangiti sa akin at karespe-respeto ang magandang tindig. Sabay silang tumango sa akin, at awtomatikong napahakbang ako. Para bang ang bawat kilos ko ay nakabase sa mga matang nakatuon sa 'kin. Kinikilabutan ako sa sandaling iyon. Iyong kilabot na paulit-ulit na tumatayo ang mga balahibo at talagang kumakalat iyon sa buong katawan ko. Noon ko lang naranasan iyon sa gano'ng pakiramdam at pagkakataon.

Nagpatuloy ako sa paghakbang at doon ay isa-isa kong nadaanan ang mga taong hindi ko naman kilala. Pero sa pagkakangiti nila ay para bang kaytagal na nilang hinintay na masilayan ako. At sa tuwang makikita ko sa kanilang mga mata ay para bang iyon na ang pinakamasayang sandali sa buhay nila.

Hindi ko talaga mapaniwalaan at lalong hindi ko maintindihan. Ang sandaling ito ay hindi kapani-paniwala.

Down an unknown road to embrace my fate. Though that road may wander, it will lead me to you.

Lumingon ako sa likuran ngunit hindi ko namataan doon ang Chairman. Bigla akong nag-alala pero may kung ano sa kalooban kong nagsasabing magpatuloy ako. Dahil sa dulo niyon ay nandoon si Taguro. Na kahit anong takot ang maramdaman ko ay hindi ko kailangang mag-alala. Hindi ko kailangang matakot. Dahil ni katiting na sakit ay hindi ko pwedeng maramdaman dahil ang leon na nasa dulo ng daang iyon ay lalamunin ang lahat ng tao.

Napalingon ako sa kaliwang balcony at napalunok. Isang kagalang-galang na lalaki ang nakaupo sa trono. Nakasuot iyon ng pulang *hanbok* na hindi nalalayo sa suot ko. Sa tabi niya ay kagalang-galang na babae at mukhang dyosa sa suot ding pulang *hanbok*. Hindi na ako magtataka kapag nalaman kong sila ang hari at reyna ng Monarkiya.

And a thousand years would be worth the wait. It might take a lifetime but somehow I'll see it through.

Nalingunan ko ang kanang balcony upang muli lamang mapalunok. Gaya kanina ay pares iyon ng kagalang-galang na tao. Parehong asul na *hanbok* naman ang suot ng lalaki at babae. Sa hula ko ay sila ang namumuno sa Dynastiya.

Lalo pa akong nagpatuloy, at nang sandaling iyon ay unti-unti nang nagiging pamilyar ang mga mukhang nakikita ko. Natatandaan ko ang ilang mukha ng mga *rango*, mapababae o lalaki man. Magkaiba man ang linya ng mga ito ay hindi naging sagabal iyon para makilala ko ang katayuan nila sa bansang ito. Natatandaan ko ang seryoso nilang mga mukha. Kaya hindi ko naiwasang manibago nang makitang nakangiti sila sa akin. Nang gumanti ako ay magkakasabay silang tumango.

And I won't look back, I can go the distance. And I'll stay on track, no, I won't accept defeat. It's an uphill slope but I won't lose hope. 'Til I go the distance, and my journey is complete.

Muli pa akong nagtuloy. Hindi nagbabago ang pakiramdam ko. Para ngang lalo iyong lumalala.

Nang matanawan ko ang sumunod na balcony sa kaliwa ay muli napalunok. Mabilis din akong nag-iwas ng tingin. Ngunit hindi na yata maaalis sa paningin ko kung gaano kaistrikto ang hitsura ng mga nakaupo ro'n. Pinaghalong itim at pula ang *hanbok* na suot ng kagalang-galang na pares na nakaupo ro'n.

Ang pinaghalo-halong tugtog mula sa cielo, piano, violin at drums ay pinag-aalon lalo ang dibdib ko. Hindi ko maintindihan kung ano ang kinalaman ng kantang iyon sa sandaling ito. Pero nararamdaman ko ang kapangyarihang idinudulot, sinasabi, at ipinararamdaman ng kantang iyon. Dahil isa sa kinikilala at iginagalang na tao sa lugar na ito ang kumukunekta sa kantang iyon sa akin. Si Taguro. Hindi ko maipaliwanag, pero sa loob ko alam kong naiintindihan ko 'yon.

Muli pa akong nagpatuloy at 'ayun na ang mukha ng mga kaibigan ko. Na hindi ko maintindihan kung bakit kailangang umiyak. Mapababae o lalaki ay naluluha sa kakaibang sandaling iyon sa buhay naming pare-pareho. Pero ang mga ngiti sa kanilang labi at mata ay hindi matatawaran. Hanggang sa sandaling iyon ay hindi ako makapaniwalang nakikita ko sila sa lugar na ito.

Ang lugar na ito na alam kong hindi mapapasok nang kung sino-sino. Pero nagawa silang dalhin dito ni Taguro... Ganito ako kaespesyal sa kaniya. Napangiti ako sa magandang isipin.

Muli pa akong nagpatuloy sa mabagal at nangangapang paglalakad. Mas pinatitindi ng kanta at tugtog niyon ang kaba at kakaibang pakiramdam ko. Mas kinikilabutan ako, patuloy pa rin talaga sa pagtayo ang mga balahibo ko! Para bang may makapangyarihang tao na naghihintay sa akin sa dulo ng pulang carpet na nilalakaran ko.

But to look beyond the glory is the hardest part.

Ang parte ng kantang iyon ay mas nakadagdag sa kilabot at kakaibang tensyon nang sandaling iyon. Mas naging marahan ang paghakbang ko nang marating ko ang dulo.

At napahinto ako nang tuluyang magbigay ng daan ang mga *rango*. Ang kaninang hilera ng mga babae at lalaki ay tuluyan nang nahati.

For a hero's strength is measured by his heart.

Namanglaw ang mga mata ko, nag-init ang pisngi ko, at nangilid ang aking mga luha. Nakakahiya pero hindi ko ininda. Dahil nang sandaling iyon ay tumambad sa akin ang apat na hukom. At sa likuran nila ay deretsong nakatayo ang pamilya ng mga Moon.

Pormal na pormal ang kanilang mga suot. Malayo sa mga pormal na kasuotang dinala nila noon. Dahil ang mga suot nila ngayon ay dito ko lang nakita. May mga kapa sila at ang ilan ay mga naka-coat na pagkahahaba. Pakiramdam ko tuloy ay isa akong hangal na umibig sa isang maharlika. At 'eto ngayon sa harap ko ang mga hari at reyna ng Emperyo nila.

Pero sadyang iba sa mga iyon ang pamilyang Moon. Dahil ang pananabik at saya sa kanilang mukha, sa kabila nang pagiging seryoso, ay hindi ko mapangalanan.

Ang nakasanayan ko nang seryoso nilang mga mukha, ay hindi kapani-paniwalang nakangiti ngayon. Para bang gano'n katagal na nilang hinihintay na mangyari ang sandaling iyon.

At halos mapamaang ako nang isa-isang tumabi ang mga hukom, nasundan iyon ng mga Moon, upang magbigay-daan. Humilera sila na siyang gumawa nang panibagong daan. Ngunit bago pa man ako makapag-angat ng tingin ay muli pa akong natigilan. Nang bigla ay sabay-sabay na magsipagluhuran sa isang tuhod ang mga hukom, maging ang mga Moon!

I can't believe this...

Like a shooting star, I will go the distance. I will search the world; I will face its harms.

Nahugot ko ang aking hininga upang mapigilang maluha. Gulat na gulat kong naigala ang paningin sa kanila, dahil hindi talaga ako makapaniwala. Ang pagyuko nilang iyon ay simbolo ng paggalang. Matinding paggalang na hindi ko alam kung bakit ibinibigay nila sa akin ngayon. Ngunit isa rin pala iyong pagbibigay daan, dahil matapos kong luminga ay muli akong natigilan. Nang tumambad sa akin si Maxpein Zin del Valle-Moon, na siyang nasa dulo at deretsong nakatingin sa akin.

Taguro...

Pinalilibutan siya nang napakaraming babae at lalaking dahil sa suot na puting toga ay nasiguro kong koro. Deretsong-deretso ang tingin ng mga ito at handa na sa pagkanta.

I don't care how far, I will go the distance. 'Til I find my hero's welcome, waiting in your arms.

Nahugot kong muli ang hininga at pinasadahan ng tingin ang kabuuan ni Taguro. Panay ang pagkurap ko nang isa-isahin ko ang bawat anggulo ng mukha niya. Ang cloak niyang itim ang nagbibigay ng misteryo sa kaniyang kabuuan. Tanging si Taguro ang nakagagawa at makagagawa nang gano'ng pagkamangha sa 'kin nang paulit-ulit! Sa likuran niya ay nakasampay ang mga arrow, sa kaliwang balikat niya nakasabit ang bow. Sa kanang kamay niya naman ay espadang nakapasok sa kaha. At bagaman gano'n ang layo no'n sa 'kin ay makikitang mukha iyong sinauna.

Halos huminto ang aking paghinga matapos niyang maiparamdam sa 'kin ang kakaiba niyang kapangyarihan. Kakaiba ang suot niya, halos

magmukha siyang prinsesa na nakasuot nang napakahabang kapa.

I will search the world; I will face its harms. 'Til I find my hero's welcome, waiting in your arms.

Magkakahalong pula, asul at puti ang suot niyang *hanbok*. Napapalamutian din iyon ng gintong gaya ko.

Para siyang reyna ngunit may mukhang gano'n sa mga prinsesa. Hindi ko naiwasang mapangiti.

Narinig ko na ang sarili kong paglunok nang magsimula siyang humakbang papalapit sa akin. Ang kalabog sa dibdib ko ay tila kadikit na ng aking tainga. Wala akong nagawa kundi ang panuyuan ng lalamunan habang deretso siyang tinitingnan.

From the moment I saw you. From the moment I looked into your eyes. There was something about you I knew, I knew.

Bigla ay nangibabaw ang pamilyar na tinig ni Migz. At talaga namang nagtindigan pang muli ang mga balahibo ko at naglagi iyon sa leeg ko.

That you were once in a lifetime, a treasure near impossible to find. And I know how lucky I am to have you.

Walang emosyon ang kaniyang mukha, wala ni katiting na ngiti sa labi. At ang nagsusumigaw niyang lakas bilang pinakamataas na *rango* ay humihiyaw sa harapan ko ngayon.

Taguro...

'Cause I've seen rainbows that could take your breath away. The beauty of the setting sun on any given day.

Nagtuloy siya sa paglalakad, hindi inaalis ang paningin sa akin. Hindi lang ako naestatwa sa kinatatayuan, dahil tila nagyelo na rin ako ro'n. Hindi ako magalaw. At maging ang paningin ko ay hindi ko magawang alisin sa kaniya.

And when it comes to shooting stars I have seen a few. But I've never seen anything as beautiful as you.

"Deib Lohr..." mahina ngunit makapangyarihang sambit niya matapos huminto sa harapan ko.

Tila tinambol ang pandinig at dibdib ko. Pero mabilis na nangilid ang pinipigilan kong luha. **"Maxpein..."**

At halos malaglag ang panga ko nang mapanood ko ang marahang pagluhod niya sa isang tuhod! Hindi lalo ako makapaniwala!

I can't believe that I have you. I can't believe that you're here in my arms. I've been waiting a life time for you, for you.

Bigla ay nangibabaw naman ang tinig ni BJ. Noon ko lang yata siya narinig nang ganoon kaseryoso.

And I've dreamed about you, pictured in my mind who I would see. But I never imagined just how beautiful you'd be.

Nagsimulang kumanta ang koro kasabay ng dalawa, at hindi kapani-paniwalang napakasarap sa pakiramdam ng kanilang sabay-sabay na tinig. Dumadagundong ang malalaki ngunit may timbre nilang boses. Mas lumakas pa ang musika at inuulit-ulit ang huling bahagi ng kanta.

Namasa ang mga mata ko at naiwan 'yon kung saan ko nakikita ang lebel ng mga mata ni Taguro. Ilang beses na kumuyom ang mga palad ko bago ko nagawang magbaba ng tingin sa kaniya.

Inilapag ni Taguro ang hawak na espada sa harapan ko, tila iniaalay 'yon. Hinubad niya ang mga pana at sabay iyong ipinatong sa paanan ko.

"Taguro..." wala sa sariling usal ko.

Marahan niyang inalis ang pagkakatabing ng cloak hood sa kaniyang ulo, ngunit nanatili siyang nakayuko. **"I am the highest empery rank, Maxpein Zin del Valle-Moon."** Nangilid ang mga luha ko nang maramdaman ang hindi maipaliwanag na kapangyarihan mula sa tinig niya nang magpakilala.

'Cause I've seen rainbows that could take your breath away. The beauty of the setting sun on any given day.

"Taguro..." muling usal ko. Ang halo-halo kong emosyon ay tila inihihiwalay ang kaluluwa ko sa akin.

"By the power conferred upon my name, I am showing you who I am." Matapos niyang sabihin 'yon ay awtomatiko kong nailinga ang aking paningin. Dahil nasisiguro kong ang ibig niyang sabihin ay ipinakikita niya sa akin ang katayuan niya sa bansang ito. **"And with this bow, arrow and my sword, I pledge thee my troth."**

Sinabi niya ang linyang iyon sa paraan na para bang iniaalay niya na ang sarili sa akin. Hindi lang isang pangako. Hindi lang isang salita. Hindi lang dahil siya si Taguro. Kundi sa paraang ang kabuuan niya at ang kapangyarihang meron siya ay nais niyang angkinin ko na.

Nangunot ang noo ko. Alam ko ang sinasabi niya ngunit tila wala pa rin akong maintindihan nang sandaling iyon. Hindi ganoon ang kasal na alam at inensayo ko.

Dahan-dahan akong napaluhod, at gano'n na lang ang gulat sa kaniyang mga mata. Nangunot din ang kaniyang noo, para bang kinukwestyon ako

kung bakit nakiluhod ako. Pero hindi akma ang sandaling 'yon para magtalo kami.

And when it comes to shooting stars I have seen a few. But I've never seen anything as beautiful as you.

"Maxpein..." bulong ko.

Minsan pang nangunot ang kaniyang noo bago tuluyang sumilay ang hindi mapigilan niyang yabang. Bahagya siyang natawa sa iniasta ko, sa pagkalito ko.

"You need to answer me," matamis ang ngiti niyang bulong, nangongompronta, nananaway. **"In front of my country and my family, Deib Lohr Enrile."**

Napapamaang akong tumitig sa kaniya. Tila ba noon lang naunawaan ang pinagsasasabi niya, maging ang kakaibang seremonyas.

'Eto na ba 'yon? Ikinakasal na ba kami o tapos na? Gusto kong mapapikit sa kapalpakan!

"Paano ako sasagot?" nasasamid kong tanong. **"Nasaan 'yong magkakasal? 'Eto na ba 'yon? Anong makukuha ko sa mga sinabi mo, Taguro?"** kunot-noo, nakangusong asik ko.

Tumikhim siya saka bumuntong-hininga. **"I am already granting you a responsibility."**

Kunot-noo akong tumitig sa kaniya. **"What responsibility?"**

"Me," tipid niyang sagot saka lalong sumeryoso.

Hindi ko agad nagawang sumagot. **"Are we married now?"** kunot-noo kong bulong. Nagsimula siyang magpigil ng tawa, maangas pa rin. **"P-Pero hindi ba't ako dapat ang gumagawa nito? Bakit ikaw ang lumuhod? Bakit ako ang pumasok at ikaw ang lumapit? Baliktad, babe."** Hindi ko tuloy maiwasang makaramdam ng hiya.

Nakangisi siyang ngumiwi. **"Dahil sa bansang ito ay ako ang magbibigay ng apelyido sa iyo."**

Napamaang ako at natigilan. Namilog ang bibig ko. **"Anong apelyido?"**

"Gagawin kitang Moon, gano'n 'yon. At hindi dapat natin pinag-uusapan ito, dito, ngayon," mariin ngunit natatawa niyang dagdag.

Natigilan kaming pareho nang marahang lumapit ang apat na hukom. Seryosong-seryoso ang kanilang mukha at nagmamalaki ang magagarang suot.

Nagmamadali kong kinapa ang singsing sa bulsang nasa ilalim pa ng malalaki at mabibigat na suot ko.

Nagbaba ng tingin sa akin ang ikauna. **"You are Deib Lohr Enrile becoming the husband of the highest empery rank, Maxpein Zin del Valle-Moon. Do you promise to love the highest empery rank, Maxpein Zin del Valle-Moon, and respect her, and take care of her, help her, and protect her, in joyful times and in hard times, healthy times and sickness times, every day, forever?**

"I do," sagot ko, nang ang paningin ay na kay Taguro.

Bumuntong-hininga ang ikauna saka nagbaba ng tingin kay Taguro. **"You are the highest empery rank, Maxpein Zin del Valle-Moon, becoming the wife of the scion of the ethnarch, Deib Lohr Enrile. Do you promise to love the the scion of the ethnarch, Deib Lohr Enrile, and respect him, and take care of him, help him, and protect him, in joyful times and in hard times, healthy times and sickness times, every day, forever?**

"I do," sagot ni Taguro, nasa akin din ang paningin. Kumindat pa nang nakangisi!

"You may now wear your wedding rings," anunsyo ng ikaapat. Napatingala ako sa kaniya saka ako naguluhan. Napatitig ako kay Taguro at napanood siyang magsuot ng singsing sa daliri. Nangunot ang noo ko at nag-aalinlangang tumingin sa kaniya. Sa tinging na iyon ay itinanong ko kung isusuot ko ba ang simbolo sa sarili ko? Tumango siya dahilan para mapabuntong-hininga na lang ako.

Nagkamali ako nang isipin kong ang pamilyang Moon lang ang kakaiba. Hindi pala. Buong angkan nila ang wirdo.

Hindi ko talaga maiwasang magulat at manibago sa kanilang kultura. Malayo sa nalalaman ko.

"By the power vested upon us by the Democratic People's Republic of Korea, we now pronounce you, husband and wife," sabay-sabay na sinabi ng hukom.

"Ano nang gagawin ko?" bulong ko.

Sa halip na sumagot ay ngumisi siya. Kumibot-kibot ang kaniyang labi saka dinilaan 'yon gamit ang kaniyang dila. Ang paningin niya ay marahang bumaba papunta sa labi ko saka siya lalong ngumisi.

"Talaga?" napapangiti kong tanong.

Nakangiti siyang nagkunot-noo saka natatawang umiling. **"Lagot ka kay Maxwell kapag nanakit sa pagyuko ang tuhod niya."**

Doon ko lang naisip na posibleng kaya hindi tumatayo nang ayos ang mga naro'n ay dahil hinihintay kami.

Ngunit hindi ko malaman ang sasabihin. Hindi ko malaman ang mararamdaman. Hindi mapirmi sa iisang emosyon ang buo kong sistema. Paulit-ulit at patuloy iyong nagwawala!

Marahan akong tumayo saka inilahad ang kamay sa kaniya. Nakangiti niyang tinanggap iyon nang hindi inaalis sa akin ang paningin niya. Pinaghawak niya ang parehong kamay saka sumenyas ng pagyuko sa akin. Medyo nahuli man ay tumango kami nang ilang saglit sa isa't isa. Sa isip ay sinisisi ko siya dahil hindi niya ako tinuruan.

Nang muli kaming magharap ay gumalaw-galaw ang kilay niya. Bahagyang nanlaki ang kaniyang mga mata na para bang kinakausap ako sa gano'ng paraan. Para namang mahuhulaan ko kung ano ang ipinagagawa niya.

Ngunit dahil kasal naman iyon ay iisa lang ang hula ko. Humugot ako ng lakas ng loob upang maiangat ang pareho kong kamay. Pinigilan ko ang panginginig niyon nang dumapo sa mga pisngi niya. Nakangiti siyang tumitig sa 'kin habang ako ay hindi na magawang ituon ang buong pansin. Nililito ako ng halo-halo kong nararamdaman.

"I love you, babe. I love you, Maxpein Zin Enrile-Moon."

"I love you, Deib Lohr Enrile-Moon," bulong niya dahilan para mawala na ako nang tuluyan ang natitira kong katinuan.

Marahan siyang pumikit nang marahan kong ilapit ang aking mukha.

Nang maglapat ang pareho naming labi ay mas lumabas ang tugtog, maging ang pagkanta. Umugong nang paulit-ulit ang gong at nag-ingay ang malalakas na instrumento.

Ang mga labi ni Taguro ang siyang nakapagparamdam sa akin na totoo na ngang nangyayari ito.

~To Be Continued. . .~

OceanofPDF.com

EPILOGUE

EPILOGUE
DEIB'S POV

HAWAK KO ang mga pisngi niya at paulit-ulit na sinisiil ng halik ang kaniyang labi. Mahirap tigilan, masarap halikan. Hindi ko na naisip kung tanggap ba sa bansang iyon ang sitwasyong iyon. Pero dahil sa katotohanang kasal na kami ni Taguro ay wala na akong pakialam. Ang sandaling iyon ay para sa aming dalawa. Talagang magwawala ako kung may isa man sa kanilang pipigil sa paghahalikan namin ni Taguro.

Pareho naming habol ang hininga nang maghiwalay ang aming labi. Magkadikit ang mga noo at parehong nakapikit. Ang mga kamay niya ay nasa magkabilang gilid ko, mahigpit ang kapit. Hindi ko alam kung bakit pakiramdam ko ay kaming dalawa lang ang narito. Ngunit ang katotohanan ay nakita ko nang magmulat ako.

Nakangiti kong sinuyod ng tingin ang dagat ng tao. Maluha-luha sila sa panonood sa amin. Ang karamihan ay magkahawak ang mga kamay at nakatunghay na para bang sinasabi rin sa isip na sa wakas ay naganap ito. Pakiramdam ko ang bawat puso ng taong naroon ay tumitibok para sa amin.

Nilingon ko ang pamilyang Moon at tumataba ang puso ko sa nakikita ko sa kanilang mga mata. Pakiramdam ko ay gano'n katindi ang pagmamalaki nila dahil nakabilang na ako sa kanilang pamilya. Sa dami nang nangyari ay hindi pa rin nagbabago ang ganoon kagandang ugali nila.

Natanawan ko ang pamilya ko na walang hinto sa pagpahid sa kanilang mga luha. Iyon 'yong luha na dahil sa sobrang kasiyahan. Sa kabilang banda ay gusto ko ring matawa. Dahil sa halip na ang pamilya ng babae ang may gano'ng emosyon, nagkabaliktad na naman kami ni Taguro. Pakiramdam ko ay mga magulang ko ang pinakamasasayang tao para sa akin nang sandaling iyon. Kahit na ang totoo, wala ni isa mang narito ang malungkot.

Nagsipagkawayan ang umiiyak naming mga kaibigan nang sila naman ang aking tingnan. Batid kong gustong-gusto na nilang sumigaw. Gusto na nilang ipagmalaki kung paano nilang nasaksihan ang simula namin ni

Taguro. Gusto nilang ipagsabi kung paano naming pinagdaanan ang hirap at nilasap ang sarap. Pero pinipigilan nila ang sarili dahil wala kami sa teritoryo namin.

Nilingon ko ang mga hukom at hindi ako makapaniwalang nababasa ko rin ang paghanga sa kanilang mga paningin. Ang kapangyarihan nila ay hindi na mawawala. Parang parte na 'yon ng kanilang sistema, kahit hindi nila ipakita ay kusang kumakawala.

Nagbaba ako ng tingin kay Taguro at sinalubong ang maangas niyang titig. *Grabe...* Iyon 'yong bagay na talagang paulit-ulit kong ikinamamangha sa kaniya at hindi ako nagsasawang sabihin. Malayo iyon sa angas na ipinapakita niya sa t'wing hindi gusto ang taong kaharap. Iyon kasi 'yong angas na wala pang ginagawa, nakakatakot na. Iyon kasi iyong angas na wala pang sinasabi, nakakikilabot na. Ang angas niyang nakikita ko ngayon ay 'yong madalas na ipinagmamalaki ko. Iyong angas na natural sa kaniya. Iyong angas na nagsasabing pag-aari niya ako. Iyong angas na nasa kaniya lang, at sa akin lang ipinapakita. At sa t'wing matutulala ako sa maangas na tingin na iyon ay napapangiti na lang ako.

Humugot ako nang malalim na hiningi at marahan iyong pinakawalan. Pinasadahan ko ng tingin ang kaniyang kabuuan. Noon ko lang napansin ang dalawang dragon na nakaburda sa magkabilang balikat at braso niya. Maging ang bawat palamuti ng kaniyang damit, at ang kakaiba ngunit magandang ayos ng kaniyang buhok.

"Babe..." hinawakan ko ang kamay niya. **"Thank you."**

"For what?" seryoso niyang tugon, hindi inaalis ang tingin sa 'kin. 'Yong tingin niyang nakalulusaw, nakakailang, pero masarap sa pakiramdam.

Naging emosyonal ako. **"Thank you for loving me."** Panay ang pagkurap ko para mapigilan ang mga luha. Panay rin ang pagtingala. Ngumiti siya at pinahiran ang magkabila kong mata. **"Thank you for trusting me. Thank you for understanding me. Thank you for coming back to me. Thank you for inspiring me. Thank you for encouraging me. Thank you for protecting me. Thank you for marrying me. Thank you for all the things that you do. Thank you."** Nagbaba ako ng tingin at pinahiran ang sariling luha.

Hinawakan niya ang pisngi ko dahilan para muling magtama ang paningin namin. **"Thanks for being patient, thanks for waiting, and thanks for staying by my side. I love you."** Doon pa lang siya ngumiti.

"I love you more." Nakangiti ko siyang niyakap. Ayaw ko nang matapos ang sandaling iyon pero nananabik ako sa mga susunod pa.

Hindi mahinto ang isip ko. Naiisip ko palang na makikita ko na siya araw-araw sa t'wing gigising ko na ay wala nang paglagyan ang saya ko. Ngayon ay mas madalas ko na siyang makakasama. Sabay na kaming gigising, kakain, matutulog...maliligo. Makikita ko siya bago ako umalis para magtrabaho. Daratnan ko siya pagkauwi. Mapapanood ko siyang magluto, magbasa, magsulat, mag-computer, manood ng TV, at kung ano-ano pa. Masaya ako na sa wakas ay makikita ko na maya't maya ang bawat pagbabago sa reaksyon at ekspresyon ng kaniyang mukha. Na noon ay kailangan ko pang titigan para 'wag makalimutan.

Makikita ko siyang gumagalaw lagi. Hehe. At ang pinakamasarap na parte ay matatawag ko na siyang asawa... Napangiti ako at mas humigpit pa ang pagkakayakap sa kaniya. **"Uwi na tayo, Taguro."**

Naramdaman ko siyang tumango. **"Isang araw ka lang naman pwede dito."**

"Tch." Nakangisi akong tumingin sa kaniya. **"Baka Moon na ako?"** ipinagkadiinan ko ang apelyido.

Tuloy ay gusto ko na namang matawa sa kahihiyan. Dahil imbes na ako ay siya ang nagbigay sa 'kin ng apelyido. Pero ang katotohanang dala niya na rin ang pangalan ko ay talaga namang dumagdag sa katauhan ko.

"Nakakapanibago," napahalakhak ako. **"Deib Lohr Moon."**

"Tss. Deib Lohr Enrile-Moon," pagtatama niya.

"Gano'n na rin 'yon."

"Hindi gano'n 'yon," naubos agad ang pasensya niya. **"'Wag mong aalisin ang apelyido mo."**

"Nasa batas din 'yon?" sarkastikong tugon ko.

"Wala naman. Pero kung hindi saksi ngayon dito ang makaririnig no'n ay pwede nilang isipin na magkapatid tayo."

"Gano'n?" sumama ang mukha ko. Pabuntong-hininga siyang tumango. **"Tch. Whatever, Maxpein Zin Enrile-Moon,"** usal ko.

"Umikli ang pangalan ko," ngisi niya. **"Ang sarap sa pandinig."**

"Bakit, sawa ka na ba sa apelyido ng tatay mo?" biro ko. **"O 'yong apelyido ko ang masarap?"**

"Tss."

"Pero ang angas ng Moon. Hehe."

Nakangiti siyang tumango. **"Totoo 'yan."** Bagaman wala sa intensyon niyang magyabang ay ganoon ang naging dating niya. Wala akong nagawa kundi ang matawa.

Tama nga ang sinabi ng mga Moon. Maikli lang ang seremonyas. Dahil matapos niyon ay ipinatawag na kami para manumpa at magpirmahan. Kasunod niyon ay dumeretso na kami sa bahay ng mga Moon. At doon ay ipinagpatuloy namin ang kakaiba nilang kultura.

May maliit na salo-salo na ginanap lang sa sala. Ang mga kaibigan at ilan pang kasama ay naiwan do'n. Habang kami ni Taguro kasama ang pareho namin pamilya ay dumeretso sa malawak na kwarto. Nagharap muli ang mga magulang naming pareho ni Taguro. Matapos no'n ay hinarap naming pareho ang kani-kaniyang mga magulang upang tumango at magbigay-galang. Hindi iyon 'yong normal na tango lang dahil buong katawan namin ay kumikilos. Kung ano-ano ang ipinagawa nila sa akin. Nandiyan 'yong binuhat ko sa likuran sina Heurt, Maze at maging ang mommy ko. Kung ano-ano pa ang ipinagawa nila na sa huli ay ikinapagod ng buo kong katawan, pati kaluluwa. Parte raw iyon ng kanilang kultura. Kakaiba talaga.

Kahit ganoon ay masaya kami, pati ang mga kaibigan ko. Nawiwirduhan man sila sa seremonyas ay idinaan nalang nila sa tawanan. Nakakatuwa lang isipin na sa kulit nilang iyon ay nagawa nilang sumunod. Iyon ang pamilyang Moon. Kahit anong bait ng mukha, kahit anong ganda ng ugali ang kanilang ipakita, ang awtoridad at kakayahan nila, iyong natural na na takot at respeto na mararamdaman ng sinumang makaharap nila, hindi mabubura.

Ipinaabot ko sa mga hukom ang matindi kong pasasalamat, maging sa buong Moon. Ang pamilya ko ay hindi ko nakalimutan. Ang mga bumisita kanina ay pinadalhan ng handa ng mga Moon sa kani-kanilang mga bahay. Gano'n daw ang paraan nila ng pasasalamat.

Ang inaasahan ko ay pababalikin na kami sa Pilipinas nang gabi ring iyon. Pero nagkamali ako. Dahil nang gabing iyon ay nakahanda ang lahat nilang kwarto para sa 'ming mga bisita. Tuwang-tuwa ako nang magsalo-salo kami ng hapunan. Syempre, bida ang kwentuhan at talaga namang halos mapunit ang mga mukha namin sa katatawa. Wala rin kaming pahinga sa pagngiti.

At bagaman nakukuha ng mga kaibigan ko ang aking atensyon, hindi ko makakalimutang magdamag ko nang hawak ang kamay ni Taguro. At ang bawat gantihan namin ng pisil ay nagbibigay ng kakaibang kuryente sa

katawan ko. Dahilan para maisip kong magkakaroon kami ng kakaibang digmaan mamaya.

"So, what can you say about my country?" bigla ay seryosong tanong ni Maxpein sa mga kaibigan ko.

Ang kaninang tawanan ay biglang humupa sa isang iglap lang. Gusto kong matawa nang makitang sumeryoso bigla ang kanilang mga mukha. Sina Migz at BJ ay mabilis na nagbaba ng tingin na para bang nagsisisi sa mga kalokohang palihim nilang ginawa. Sina Tob at Lee ay nagpanggap nang abala sa pag-uusap. Habang ang mga babae naman ay nagkunwaring libang na libang sa pagkain. Nakakatawa.

"I have a question," nagtaas ng kamay si Michiko, ang lakas ng loob.

"Taray ni bakla, classroom?" dinig kong bulong ni BJ, siniko siya ni Migz.

"What is it?" maangas ang pagkakangiti ni Taguro.

"Kaninong apelyido ang Moon?" inosente pa rin talaga si Michiko.

Napabuntong-hininga si Taguro, seryosong-seryoso. Nilingon niya isa-isa ang myembro ng kaniyang pamilya. Saka muling tumingin kay Michiko na noon ay nag-aabang na. Maging kaming iba pa na naro'n ay naghintay sa isasagot niya.

"Sa amin," walang ano-ano ay sagot ni Taguro, punong-puno ng saysay. Lumaylay ang balikat ko.

"Ay, talaga, 'te?" bulalas ni Migz. **"Sa kanila pala 'yon?"** nagawa niyang sakyan at gawing biro ang walang kwentang sagot ni Taguro. **"Grabe, apelyido pala nila 'yon! Amazing!"**

"Gaga, manahimik ka at malilito ang Michiko!" tatawa-tawang ani BJ. Tahimik na nagsipagtawanan ang mga kaibigan namin.

"Tss," nag-iwas ng tingin si Taguro.

"Ang dami mo kasing last name, Maxpein," humagikhik si Michiko. **"May Del Valle na, may Moon pa."**

"Absent ka ba no'ng topic namin 'yan?" seryosong tanong ni Migz, pero isa na namang nakakatawang biro iyon.

"Complete attendance ang Michiko, 'te," tatango-tangong ani BJ, nakitango si Michiko.

"Bakit hindi niya alam?"

"Eh, baka absent nga?"

"Akala ko ba ay complete attendance, 'te?"

"Absent-minded, 'te."

Naghagalpakan ng tawa ang naro'n, nakiisa pa si Michiko. Tuloy ay sumama ang mukha ni Tob. **"Kayong dalawa, ah? Namumuro na talaga kayo sa 'kin, ah? Hintayin niyong makabalik tayo sa Laguna."**

"Duh? Dito na kaya kami titira, ang daming papa!" biro ni BJ dahilan para muli kaming matawa. **"Kakausapin namin si auntie!"** batid kong ang *Netjae* ang tinutukoy niya.

"Pero ano nga ba ang sagot sa tanong ni Michiko, Max?" nagsalita si Parrot, nakangisi. Pakiramdam ko ay kaytagal nanahimik ng buhay ko dahil hindi ko narinig ang boses niya. Paano kasi ay wala siyang ginawa kundi ang umiyak nang umiyak.

"Alam mo na 'yon, hindi ba?" tugon ni Taguro.

"Pakiramdam ko kasi ay mas maiintindihan namin dahil nandito na tayo. At mas maganda kung manggagaling mismo sa 'yo, hindi ba? Ang dami mong hindi ikinuwento, bumawi ka naman."

"Korean family name namin ang Moon," panimula ni Taguro. **"Ang Del Valle ay family name namin sa labas ng Korea."**

"Eh, ano ang tunay ninyong apelyido?"

"Pareho." Bigla ay may hinugot si Taguro. **"'Eto ang passport ko."** Kailangan niya talagang ipakita iyon, gano'n ang ugali nila. Awtomatikong ihaharap sa iyo ang pruweba para lang maniwala ka.

Tiningnan naman nila iyon. Nang iabot sa 'kin ay nabasa ko ang buong pangalan ni Taguro, Maxpein Zin del Valle-Moon.

"Kailan naman magiging Enrile 'yan?" nakangiting banat ko, inginuso ang pasaporte.

Umiling siya. **"Hindi 'yan mapapalitan."**

Nanlaki ang mga mata ko. **"Ano?"**

"Hindi 'yan mapapalitan."

"Ano!"

"Hindi 'yan mapap—"

"Bakit!"

"Dahil hindi naman kami nangunguha ng apelyido, hindi gaya ng kultura ninyo." 'Ayun na naman kami sa mga pamamalakad nila. **"Ang paggamit ko sa apelyido mo ay sarili kong desisyon. Pero kung ang proseso dito ang pag-uusapan ay hindi magbabago ang pangalan ko."**

"That's unfair!"

"Doon naman tayo titira sa bansa mo kaya 'wag ka nang maraming reklamo, ang lakas ng boses mo," angil niya, napabuntong-hininga na

lang ako sa inis.

"Eh, bakit hindi pang-Korean ang pangalan mo?" muling tanong ni Parrot.

"Itanong mo sa mga magulang ko," nilingon ni Taguro si Maze at Heurt.

"Si Chairman Moon ang makakasagot sa tanong na 'yan pero wala siya rito," nagbibirong ani More. **"Moon ang last name ng father ko, si Chairman Moon. Ang del Valle ay nagmula pa sa kaniyang lolo. Apelyido niya rin iyon. Dalawa talaga ang apelyido namin sa madaling salita."**

"Ano ang middle name mo?" ibinalik ni Parrot ang tanong kay Taguro.

"Wala."

"Anong wala?"

"Wala akong middle name."

"Bakit nga wala?"

"Eh, sa wala, eh," kaswal na sagot ni Taguro, punong-puno nang kahulugan, gusto kong manlumo.

"Bakit hindi iyong apelyido ni Tita Maze? O 'yong kay Tita Heurt ang gamitin mo?"

"Dumarami ang tanong mo, ah?" nagsisimula nang mainis si Taguro. Bumuntong-hininga siya. **"Walang apelyido si Maze. Hindi ko naman pwedeng kunin ang apelyido ni Heurt. Besides, hindi talaga kami gumagamit ng middle names. Maze Moon lang ang pangalan niya,"** itinuro niya ang Presidente. **"Heurt Park lang ang pangalan niya,"** itinuro niya ang ina. **"Pero ngayon ay Moon na rin siya. Heurt Park-Moon."**

"Ha?" nagtawanan ang mga kaibigan ko. Pero nang maisip nilang bawal iyon ay biglang nanahimik.

"Si Maze ay mula sa South Korea. Binura ang apelyido nila ng kaniyang ama at pinalitan ng Moon nang baguhin ang nationality nila. Kaya nasa Korea man o wala ay Moon ang gamit nilang apelyido. Masiyado nang maselan ang usapang 'yon kaya tigilan mo na ang katatanong," dere-deretsong sinabi ni Taguro, natawa ang pamilyang Moon, kasama na ako.

"Pero 'yong totoo, taga-rito ka talaga? I mean, dito kayo ipinanganak?" hindi mapigilan si Parrot. Bumuntong-hininga lang si Taguro. **"Bakit nakakapunta ka sa South?"**

"Dahil pinapayagan ako. Pero ang mga taga-ro'n ay hindi pwedeng makapasok dito. Kung makapasok man sila ay hindi na sila pwedeng umalis."

"Gano'n?" nanlaki ang mga mata ni Parrot.

"Tss. 'Wag kang mag-alala dahil kayo naman ay pinahintulutang makapasok. Makakalabas pa kayo." Natawa si Taguro.

"Kaya hindi ko naisip no'n na dito sila nakatira ay wala siyang binanggit na lugar kundi 'yong mga nandoon sa kabilang bansa," naiilang akong paulit-ulitin ang South sa kaniya.

Marami pang ibinahagi ang pamilya ni Taguro sa amin. Naging bukas sila tungkol sa buhay nila at talaga namang kapani-panibago 'yon. Talagang hindi kami nasanay. Mukhang mahihirapan akong tanggapin ang ilan sa mga kultura nila, lalo na pagdating sa mga patakaran at batas. May punto sila at may sapat din na basehan ang mga 'yon pero sadyang mahirap tanggapin na lang basta. Pakiramdam ko ay noon ko palang siya tuluyang nakikilala. At nakakatuwang isipin na hindi lang sa 'kin kundi sa 'ming lahat niya 'yon ikinuwento. Gusto kong kabiliban ang tiwala niya. Walang bahid ni katiting na alinlangan, bigay na bigay siya sa pagyayabang.

Pero bago matapos ang gabing iyon ay gusto ko nang matawa. Nang paalalahanan niya kami nang paulit-ulit na kalimutan na lang ang lahat ng sinabi niya.

Isa-isa naming inihatid ni Taguro sa kani-kaniyang kwarto ang mga kaibigan namin. At matapos no'n ay nakangisi na akong umakbay sa kaniya habang tinatahak namin ang makasaysayan nilang pasilyo. Paulit-ulit kong hina-hum 'yong kanta kanina habang papalapit siya.

"Mukhang ang saya mo, ah?" sa pananalita niya ay batid kong nakangisi siya. Natuwa ako nang ihawak niya sa likuran ko ang kaniyang braso.

"Syempre." Nagbaba ako ng tingin sa kaniya at umakbay. **"Tabi tayong matutulog, eh."**

"Masaya ka na sa gano'n?"

"Oo."

"Good. Inaantok na 'ko, eh."

Sumimangot ako. **"Talagang hindi mo 'ko pagbibigyan?"**

Humalakhak siya. **"Saan?"**

"Kunyari pang hindi alam," nakangising bulong ko.

Bumuntong-hininga siya. **"Pagod ako."**

Lumaylay ang mga balikat ko. Pero ayaw ko namang pilitin siya kaya nang makapasok sa kwarto ay hinayaan ko siyang magpahinga. Nakaupo siya sa kama habang ako ay nasa sofa at nakatingin sa kaniya.

"Taguro," mayamaya ay seryosong tawag ko. Nag-angat siya ng tingin sa 'kin. **"Paano ang mga magiging anak ko?"**

"Anong paano?" seryoso rin siya.

"Magiging *rango* rin sila sabi ni More."

"Oo."

"Daraan din sila sa prosesong pinagdaanan mo?"

Matunog siyang ngumiti. **"Kung magiging babae."**

"Kapag lalaki?"

"Hindi." Tumingala siya sa kisame. **"Mas madali ang proseso sa mga lalaki."**

Nanlumo ako. **"Babae ang gusto ko."**

"Lalaki ang gusto ko," seryoso siya, desidido. Sa hitsura niya ay mukhang sa sandaling iyon palang ay iniiwasan niya nang magkaroon ng anak na babae. Sa pagkakakunot ng kaniyang noo ay para bang iniisip niya na kung ano-anong libro ang babasahin para magkaroon ng anak na lalaki.

Hindi ko naiwasang manghinayang. **"Ayaw mo ng babae?"**

Bumuntong-hininga siya. **"Hindi naman sa gano'n."** Nag-iwas siya ng tingin, kunyaring inayos ang kama na hindi naman magulo. **"Hindi madali ang pinagdaanan ko, ayaw kong maranasan niya."**

"May tiwala ako sa magiging anak ko sa 'yo," wala sa sariling sabi ko. Nagugulat siyang nag-angat ng tingin sa 'kin. **"Hangga't dumadaloy sa kaniya ang dugo mo, nasisiguro kong malalampasan niya anumang pinagdaanan mo."**

Napatitig siya sa 'kin. Hindi ko inaasahang mangingiti siya. Ang inaasahan ko ay magagalit siya at hindi magugustuhan ang sinabi ko. Ang sarap no'n sa pakiramdam. Bibihira kasing mangyari na hindi niya kontrahin ang ideya ko.

"Salamat," tila nakahinga siya nang maluwag. **"I'm happy to hear that. Masaya ako na hindi ka gaya kong nag-aalala sa kung ano ang magiging kasarian ng anak ko."**

"Nag-aalala ka?" tumayo ako at lumapit sa kaniya. Naupo ako sa paanan niya.

"Natural." Muli siyang bumuntong-hininga. **"Sino ba namang magulang ang gugustuhing dumaan sa hirap ang anak niya kung**

pwedeng hindi naman? Hindi bale nang ako ang balikan ng mga hukom, 'wag lang siyang dumaan do'n. Baka hindi ako makatulog at puyat ang ikamatay ko." Tumunghay siya sa 'kin at hinawakan ako sa mukha. **"Hindi ka ba natatakot na makagawa siya nang mali at masama?"**

Bahagya akong kinabahan. **"Bakit mo hahayaang makagawa siya nang gano'n? Unahan na natin sa tama."**

"May mga pagkakataong hindi maiiwasan, may mga sitwasyong kailangang pagdaanan."

"Eh, di gagawin natin kung ano ang tama."

"Tss. 'Yon nga ang ayaw ko."

"'Wag mo kasing isipin na mangyayari sa kaniya ang nangyari sa'tin, Taguro."

"Paano kung magkagano'n?"

"'Wag na muna nating isipin 'yon."

"Eh, di 'wag na rin muna nating pag-usapan 'to," nag-iwas siya ng tingin.

Napabuntong-hininga ako. Masasabi kong talagang pinag-iisipan niya ang tungkol do'n. Nakonsensya tuloy ako dahil panay ang pagdadaing ko nang maraming anak. Hindi ko man lang naisip na gano'n ang pagdaraanan ng mga magiging anak ko. Hindi ko man lang inisip kung gusto niya rin ba 'yon. Masiyado kong ipinilit ang gusto ko. Ngayon ko lang nakikita na ang lahat ay talagang pinag-iisipan niya. Hindi basta-basta ang pagpapamilya sa kaniya.

"Maligo na tayo habang mainit pa ang tubig," aniya saka tumayo at hinubad ang coat.

Napamaang ako saka aligagang tumayo. **"Sabay tayo?"**

Nakangisi siyang lumingon sa 'kin saka kinalas ang pagkakatali ng buhok niya. Nakagat ko ang labi nang iwagayway niya ang buhok upang bumuhaghag. Binigyan niya 'ko nang nanunuksong tingin habang tinatanggal isa-isa ang butones niya.

"Loko ka, Taguro." Naglakad ako papalapit sa kaniya.

Ngumisi siya at saka sinimulang buksan ang damit ko. **"Maliligo lang naman tayo."**

Sa halip na sumagot ay nakangiti ko siyang pinanood na tapusin iyon. Nasisiguro kong kabado at nahihiya si Taguro ngayon dahil kahit anong pagtatago ang gawin niya ay tinatraydor siya ng kaniyang pamumula. Hindi

ko rin maramdaman ang kaniyang paghinga, tuloy ay naisip kong hugot niya iyon dahil sa pagkabalisa.

Hinawakan ko ang baywang niya at marahang iginuhit ang aking mga daliri. Wala pa man ay nag-iiba na ang tingin sa kaniyang mga mata. Gusto ko siyang asarin at biruin tungkol sa napag-usapan namin ilang saglit lang. Gusto kong matawa dahil nakonsensya pa ako sa pamimilit na magkaroon nang maraming anak. Dahil 'eto siya ngayon at pinangungunahan pa ako. Pero ayaw kong ihinto niya bigla ang ginagawa dahil lang do'n.

Bago pa tuluyang maubos ang pareho naming suot ay binuhat ko na siya papasok sa banyo. Natutok ang paningin ko sa bath tub. Sa halip kasi na pahaba ay pabilog iyon. Bakal ang loob pero may kahoy sa palibot. Nakakatuwa ang oil na nakahalo sa umuusok na tubig doon. Maging ang ilang piraso ng bulaklak at mga dahon. Paniguradong ang mga iyon ang nagbigay ng kakaibang bango sa buong banyo.

Nakatingin kami sa isa't isa nang kalasin ko ang hook sa likuran niya. Sinakop ko ang dibdib niya at saka pinadausdos ang mga palad ko papunta sa ibabang likuran pa niya. Kumilos ang mga daliri ko at padausdos ding hinuban ang saplot na natitira pa.

Pinagmasdan ko ang kabuuan ni Taguro matapos ko siyang hubaran. Pero nangunot ang noo ko nang magtaas siya ng kamay at hilahin ang switch ng ilaw. Bahagyang dumilim at tanging sinag ng buwan ang liwanag namin.

Hinubad ko ang natitira kong suot saka lumusong sa tub. Matapos ko ay inalalayan ko siya. Marahan akong humiga at saka ko siya patalikod na inihiga sa ibabaw ko. Nakagat ko ang pang-ibaba kong labi matapos kong marinig ang impit na ungol niya.

"Can you feel it?" nakangising bulong ko, humalakhak siya. **"It's because of you. Ah! Taguro?"** saway ko nang sumayaw siya sa ibabaw ko, pinanggigil ako.

"Joke."

"Ang sarap ng joke mo, ah?" hinawakan ko ang baywang niya at saka siya muling isinayaw. Biro lang sana iyon pero ako ang nahulog. Dahil sa t'wing uungol siya, nagtataasan ang mga balahibo ko. Lalo akong nananabik.

Lumingon siya bigla sa akin at kinagat ang balat sa daliri. Kung tutuusin ay normal na akto lang naman 'yon. Pero dahil sa sitwasyon ay mas nanggigigil pa ako. Hinalikan ko ang braso niya habang nakatingin sa mga labi niya. Nahinto lang nang mapansin ko ang suot niyang singsing.

Inabot ko ang kamay niya at pinakatitigan ang singsing. Kahanga-hangang ang kakaiba niyong hitsura. Pero nang mapansin ko ang disenyo ay napangiti ako. Ginto ang bumuo sa araw na may apat na banaag, itim naman ang mga diyamante niyon. Sa loob ng araw ay nandoon ang waning crescent moon na may maliliit na itim ding diyamante. Kakaiba. Hindi ko maiwasang maalala ang isipin ko tungkol sa 'ming dalawa kung saan may kinalaman ang araw at buwan.

"Where did you get this?" tanong ko saka nagpatuloy sa paghalik sa balikat niya.

"Kay Chairman Moon," inihilig niya ang sarili sa akin. Hindi na ako nag-usisa pa. Dahil alam kong kapag nagpatuloy ako sa pagsasalita ay magiging emosyonal na siya. Kapag nangyari iyon ay mauudlot ang pangarap ko.

Niyakap ko siya at saka idiniin sa pagkakasandal sa akin. Kinuha ko ang shower gel saka ko siya nilagyan mula sa balikat papunta sa dibdib hanggang sa puson. Sinabon ko siya mula sa itaas, pababa. Nakangiti akong naglaro nang naglaro at mukhang libang na libang si Taguro ro'n. Hindi lang libang na libang. Dahil para siyang mga tuyong dahon at ako ang kaniyang apoy. Nagsisimula na kaming gumawa ng sariling baga.

Gumapang nang gumapang ang kamay ko, nagpapanggap na sinasabon ang parteng 'yon ng katawan niya. Napapangiti ako sa t'wing magpapakawala siya ng impit na tinig, pigil na pigil pero tinatraydor siya ng esmosyong nailalabas. Napapaungol siya sa t'wing makikiliti, pilit ding nilalabanan ang masarap na pakiramdam. Ngunit hindi ko inaasahang nang marating ko ang kaniyang puson ay ako na ang nabaliw.

Ang inaasahan ko ay nasa akin ang huling halakhak. Dahil nang dumausdos pang pababa ang kamay ko ay kusang naghiwalay ang mga hita ni Taguro. Nagkamali ako. Dahil imbes na ako ang manukso, ako ang natukso nang maramdaman siyang muli sa palad ko. Ang impit niyang ungol ay binabaliw talaga ako. Nagtatayuan ang mga balahibo kong gumagapang mula sa talampakan papunta sa ulunan. May kung anong kumukulo sa kalooban ko sa t'wing gagawin niya 'yon. Lalo pa at hanggang sa sandaling iyon ay hindi ko malimutan nang unang beses ko siyang tikman.

Napalunok ako sa pagtitiis nang hawakan ni Taguro ang kamay ko at gumawa ng sariling ritmo. Nilingon ko siya nang may namumungay na mga

mata. Saka ko pinanood ang bawat pagbabago sa kaniyang hitsura. Sa isip ay paulit-ulit akong nagmura, dahil putsa, ang sarap niyang titigan.

Kinuha ko na ang sponge, hindi ko na kayag magtiis, at agad na pinaliguan nang ayos si Taguro. Ngunit sa halip na hayaan ako ay kinuha niya iyon at saka niya kinuskos ang leeg habang nakatitig sa akin. Gusto kong mainis nang hindi man lang siya nagalit dahil inihinto ko bigla ang ginagawa para ro'n. Doon ko lang kasi mapapatunayang iisa lang ang takbo ng isip namin. Kailangan kong masigurong handa siya, ayaw kong mapilitan siyang gawin iyon.

Mabilis kong nilinis ang sarili ko. Gusto ko ring hilingin na sana ay bilisan niyang maligo. Dahil hindi na ako makapaghintay. Sa sandaling nakalipas ay wala man lang namahinga sa mga balahibo at kalamnan ko, nanatili silang naninigas at nakatayo.

Nagsesepilyo pa lang siya ay hindi na ako mapakali. Kaya naman lumapit na ako at sinimulan nang halikan ang likuran niya. Para sa 'kin ay masarap at kaakit-akit naman 'yon kaya nadi-distract ako dahil natatawa lang siya.

"Bilisan mo, babe," nakanguso nang sabi ko.

"Dalawang beses akong magsepilyo," aniya na nilagyan na naman ng toothpaste ang toothbrush.

"Kahit tatlo pa, basta bilisan mo," angil ko. Hinawi ko ang buhok niya at hinalikan siya sa balikat papunta sa leeg. Paulit-ulit, nang-aakit. Ngunit 'ayun na naman 'yong tawa niya na para bang ang intensyon ko ay kiliitin siya at hindi panabikin. **"I can't wait, Maxpein,"** bulong ko sa kaniyang tainga. Inipit niya ako saka muling tumawa. Gusto kong manlumo dahil nakikiliti lang siya. **"Babe..."** I begged.

Nanlaki ang mga mata ko nang bahagya siyang yumuko upang magmumog. Nakangisi kong pinagmasdan ang likuran niya. At huli na ang lahat bago niya ma-realize ang posisyon naming dalawa. Nakangisi akong tumingin sa salamin, nakasimangot na siya. Doon ako natawa.

"Magsesepilyo pa 'ko!" angil niya.

"Tama na!" asik ko saka kinuha ang toothbrush niya at ibinato. Binuhat ko siya papaharap sa akin. Katamtaman lang ang timbang ni Taguro, kayang-kaya ko. Pero hindi naging madali para sa akin na buhatin siya dahil nagsimula na naman siyang sumayaw nang marahan sa ibabaw ko habang buhat siya. Hindi rin siya nahinto sa paghalik sa akin dahilan para

magkandatama-tama ako sa bawat dingding na aking madaanan. Nang huminto siya at tumawa ay saka ako lakad-takbong dinala siya sa kama.

Marahan ko siyang inihiga habang nakatingin sa mga mata niya. Tatawa-tawa pa rin siya at natigilan lang nang makita kung gaano na kataas ang pananabik ko. Bigla ay lumamlam ang mga mata niya at hindi ko inaasahan nang lumiyad siya upang halikan na ako.

Walang kasintamis ang mga labi ni Taguro. Paulit-ulit kong hinihiling na matikman iyon. Pero paulit-ulit ko ring sinasabi sa sariling hindi lang 'yon ang titikman ko.

May kani-kaniyang isip ang mga kamay namin. Naggagala ang mga palad ko sa katawan niya. Habang siya naman ay panay ang haplos dahil marahil sa idinudulot kong pakiramdam. Ang labi ko ay mabilis ding gumapang, nananabik makabalik sa bago nitong kinaaadikan.

Pigil ni Taguro ang sarili habang taimtim ko siyang nilalasap. Ang galaw ng katawan niya, ang tahimik at impit na ingay ng mga labi niya, ay lalo akong binibigyang gana. Paulit-ulit ko siyang kiniliti gamit ang labi at dila, mayamaya lang ay sabunot niya na ang buhok ko at pilit akong inilalayo.

Nakangiti akong gumapang pabalik sa kaniyang ibabaw, nananabik sa kung ano mang susunod naming gagawin. Lahat ay gusto kong gawin. Lahat ay gusto kong tikman. Lahat ay gusto kong marating. Nang siya ang katuwang at kasama.

Hinawakan niya ang magkabilang pisngi ko at pilit akong tinitigan bagaman liyong-liyo, langong-lango. Ngumiti ako at hinalikan ang kaniyang tainga. Napaungol siya at yumakap sa 'kin.

"I am going in," bulong ko, nakatitig sa kaniya. Nakamaang siyang tumango. **"I want to bury it so deep, you'll scream for more."** Kagat niya na ang labi nang muling magtama ang paningin namin.

Marahan akong nagbaba ng tingin at hindi ko inaasahang makikitingin din siya. Panay ang paglunok ko habang inilalapit ang sarili ko sa kaniya. Bagaman may kaba ay lamang ang pananabik ko. Wala pa man ay parang sasabog na ako. Nagkatitigan agad kami nang maramdaman ko ang bungad niya.

Hindi pa man ay habol niya na ang hininga. Nasisiguro kong kinakabahan din siya. At imposibleng hindi niya nalalaman ang unang pakiramdam niyon. Pero dahil siya si Taguro, hindi na kataka-takang hindi siya natatakot sa sakit nito.

Naibagsak niya ang ulo nang dahan-dahan akong pumasok. Nakamaang akong tumitig sa kaniya habang siya naman ay napapapikit sa sakit. Agad kong inilapat ang labi ko sa leeg niya paakyat sa panga hanggang marating ko ang labi niya. Pilit niyang nilabanan ang halik ko pero ang sakit ay pinatitingala siya. Napapalunok kong sinundan ang bawat paling ng kaniyang ulo. Hindi ko malaman kung tutuloy o hihinto ako. Pero sa halip na mag-isip ay dinahan-dahan kong pasukin ang kasikipan niya. Dahil nasisiguro kong kung hindi na kaya ay siya na ang kusang magpapahinto sa akin.

Nakita kong kumuyom ang mga palad niya. Nagsusuntok pa siya sa kama. Ang mga mata niya ay mariin ang pagkakapikit. Tuloy ay gusto ko na namang huminto dahil sa takot kong mas masaktan siya. Pero may kung ano sa katawan niya na nagsasabing magpatuloy ako.

Hindi naman ako nabigo dahil mayamaya lang ay bumubuo na kami ng iisang ritmo. Magkaiba ang kilos pero naglalandas sa masarap na pakiramdam. Nagkakasundo.

"Anong pakiramdam, Taguro?" lasing kong tanong, titig na titig sa bawat emosyong nakikita ko sa mukha niya. **"Sabihin mo sa 'kin kung anong pakiramdam."** Ngunit sa halip na sagutin ako ay nakangisi niyang kinagat ang labi, mas natukso ako.

At nang matapos iyon ay gusto kong maiyak sa sarap. Baliw na ako sa babaeng ito, hindi ko inaasahang mas babaliwin pa pala ako. Kung paano niyang nagawa iyon ay hindi ko alam.

Sabay naming ibinagsak ang sarili ngunit agad akong lumapit upang yakapin siya. Nakapikit niyang pinakalma ang sarili. Wala naman akong ginawa kundi ang tumitig sa kaniya. Nang gabing iyon ay napanood ko siyang magpalamon sa antok. Gustuhin ko mang sabayan siyang matulog ay hindi ako hinayaan ng mga mata kong hindi mapirmi sa katititig sa kaniya. Maging ang isip ko ay hindi manahimik sa kasasabi na iyon ang unang gabi namin bilang mag-asawa. Wala pa man ay atat na akong bumangon at siya ang unang makita. Ang puso ko ay naghuhumiyaw sa sobrang pagmamahal sa kaniya.

Nagising ako kinabukasan nang maramdaman ang init sa balat ko. Nagmulat ako at nakita ang sinag ng araw papunta sa hita ko. Bahagya akong bumangon upang mapagtantong wala pa rin akong suot. Agad akong napalingon sa likuran ko at napalunok nang makitang nakatitig na sa akin si Taguro.

"Good morning," sabi ko.

"I love you," hindi ko inaasahan ang sagot niya.

Napangiti ako. **"I love you."** Lumapit ako at sumiksik sa dibdib niya. **"Ligo na tayo, babe. Nagugutom ako."**

"Ipinagluto na kita. Kumain ka muna."

Gulat akong napabangon. **"Talaga?"** napangiti ako.

Bumangon siya. Pinanood ko siyang lumapit sa mesa at buhatin ang bed tray doon. Lalong lumawak ang pagkakangiti ko nang makita ang apat na toasted bread, bacon, ham and egg, at coffee.

"You made these?" hindi ko alam kung alin sa mga 'yon ang unang dadamputin. Awtomatikong naging paborito ko ang mga iyon.

Tumango siya. **"For you,"** aniya saka muling nahiga. **"Maaga akong bumangon dahil akala ko ay maaga kang magigising. Gusto mo bang initin ko?"** tanong niya, nakapikit.

"Ako?"

"Sira."

"Hehe," hindi ko alam kung paanong isasatinig ang masarap na pakiramdam. *Ipinagluto ako ni misis. Hehehe!* **"Thanks, babe."** Mas natuwa pa ako nang sinadya niyang bumangon upang salubungin ang halik ko saka muling ibinagsak ang sarili sa kama upang tuluyan muling makatulog.

Tumitig ako kay Taguro habang kumakain hanggang sa maubos ko iyon. Bumangon ako upang magsepilyo ngunit agad din akong bumalik sa kama at tumabi sa kaniya. Dahil nang sandaling iyon ay wala akong gusto kundi ang titigan siya. At namnamin ang masarap na pakiramdam na ganap na kaming mag-asawa. At hindi ako magsasawang gawin iyon kahit pa habang-buhay na kaming magkakasama.

A few months later. . .

"LALABAS NA! Ahhh!" Pinuno ng sigaw ni Taguro ang kabuuan ng emergency room. **"Ooh! Ooh! Ooh! Ooh!"** Paulit-ulit siya sa pagbuga ngunit mayamaya lang ay mapapairi at sisigaw na ulit.

Hindi ko inaasahang sa sandaling iyon ay magiging nerbyoso na naman ako, bagay na kaytagal kong iniwasang gawin dahil makasasama sa akin. Sa sobrang taranta, sa halip na ihatid sa ospital ay pinuntahan ko pa sa bahay si *Noona* para lang sabihin na manganganak na ang aking asawa.

Sa E.R. na kami nagkita-kita nina Tob at Lee, wala ring habas sa katatawa ito nang makita ang matinding pamumutla ko.

"Putsa nasa'n na ngayon 'yong tapang mo?" biro ni Tob.

"Shut up," nanginginig ang kamay ko nang duruin si Tobi. Napahalakhak lalo ito. **"Where's Keziah?"**

Bigla ay lumapit si Maxwell. **"Why the hell are you looking for her?"** nakangising asik niya.

"Siya ang magpapaanak sa asawa ko, loko!" gilalas ko.

Natawa si Maxwell. **"Calm down, Enrile, you're not bleeding."** Isinuko niya ang pareho kamay saka lumingon sa station.

Noon naman ay eksaktong lumabas si Keziah, ang parehong kamay ay nakasuot sa bulsa ng gown niya. Nakangiti siyang kumaway sa amin, hindi man lang matinag sa paghuhurumintado ko.

"Hi, Deib!" bati pa niya!

"Manganganak na ang asawa ko," hinawakan ko siya sa balikat.

"I know," kalmado niya pang sabi. **"Biglang humangin, eh,"** natatawang ngiwi niya saka sumenyas sa mga nurse. **"Pakidala na si Maxpein sa delivery room, salamat,"** sinabi niya na para bang inaasahan na ng lahat nang naro'n ang pagdating ni Taguro ngayon.

"Maxwell, my baby's coming out," naghihisteryong baling ko dito.

"Calm down," mahinahong tugon ni Maxwell. Palihim na bumungisngis si Tob pero nakita ko at sinamaan siya ng tingin.

"Bilisan na natin, baka lumabas na 'yong baby." Hindi na talaga ako makalma.

"Then, that's a good news. Natural lang na lumabas ang baby kapag manganganak na ang babae, Deib Lohr," hindi man lang mawala ang pagiging mahinahon ng bayaw ko. **"Fill out this form and leave it there,"** itinuro niya ang station.

"Hindi ba pwedeng mamaya na 'to?" lalo akong naasaw nang hindi man lang maipirmi ang kamay ko sa unang linya ng form. Tagaktak ang pawis ko bagaman maaliwalas ang panahon.

"Malayo pa iyon."

"Baka lumabas na, Maxwell, please?" pagmamakaawa ko.

"Hindi naman ikaw ang iiri, kaya sagutan mo na 'yan, sige na." Kinuha ni Maxwell ang stethoscope at isinabit iyon sa leeg niya.

"What the hell, Maxwell?" sigaw ko sa ere. Gusto ko siyang pagalitan. **"Putsa, kung hindi lang ex ni Taguro si Randall ay siya na ang tinawag ko. Loko 'tong si Maxwell!"**

"Kumalma ka kasi, Deib Lohr. He knows what to do, alright?" mahinahong ani Lee, palibhasa'y hindi siya ang nasa sitwasyon ko.

Nasundan namin ng tingin si Maxwell, kaming tatlong magkakaibigan. Pare-pareho kaming umasa na gagawi na siya sa delivery room. Pero nasapo ko ang noo nang ibang pasyente ang lapitan nito at tingnan.

Kung ano-ano nang dasal ang ginawa ko sa pagmamadaling masagutan ang form. Patakbo ko iyong iniabot sa dumaan lang na nurse saka nagmamadaling bumalik sa mga kaibigan ko. Hindi talaga ako mapakali, panay ang paroo't parito ko habang kagat ang daliri. Panay rin ang lingon niya ko kay Maxwell na noon ay hindi kapani-paniwalang nagtatahi na ng sugat ng matandang pasyente.

"Doc," sabay-sabay kaming napalingon sa gawi ng delivery room. **"Crowning,"** anunsyo nito, wala kaming naintindihan.

Tumango si Maxwell saka sumenyas sa aming sumunod sa kaniya. Hindi mahinto ang bibig ko sa katatanong, panay tuloy ang halakhak nina Lee at Tob. Si Maxwell naman ay nananatiling kalmado habang tinuturuan kaming magsuot nang tamang pananamit. Isinama niya kami sa loob ng delivery room. Nasa ulunan kaming pare-pareho ni Taguro habang si Keziah ay nasa ibaba at sinisipat na ang anak ko.

Kung ano-anong pisil ang ginawa niya sa tiyan nang nagwawala kong asawa. Walang bahid ng kaba, alinlangan o pag-aalala si Maxwell, iyon lang ang nagpapakalma sa 'kin nang bahagya. Hindi pa rin talaga maalis ang pagiging kalmante niya, nakakabilib. Maging si Keziah ay gano'n din, tuloy ay wala ako ni anong alalahanin sa pagpapaanak niya.

Iyon nga lang, sa t'wing mapapasigaw si Taguro ay hindi na naman malaman kung ano ang gagawin. Hinawakan ko sa kamay si Taguro at paulit-ulit siyang hinalikan doon habang hinahaplos sa noo. Wala sa katinuan ang isip ko, masiyado akong alerto sa maling paraan. Ang bawat kilos, galaw at tunog na makita, marinig at mapansin ko ay bigla akong natataranta. Napapasabay rin ako sa t'wing bubuga si Taguro ng hangin at umiiri.

"Iri pa," nakangiting utos ni Keziah.

"Hindi ko na kaya!" pasigaw, hirap na hirap na tugon ni Taguro. Mas humigpit ang kapit ko sa kaniya sa halip na siya ang pumiga sa kamay ko.

"Kayanin mo, Maxpein. Anak mo 'to." Nakakabilib ang pananalita ni Keziah, mapapasunod ka.

"Ahh!" muling sinakop ng tinig ni Taguro ang kabuuan ng kwarto.

Pinanood ko ang bawat kilos ni Keziah. Kung paano niyang inaasikaso ang anak ko maging si Taguro. Panay ang himas niya sa tiyan, sa binti at hita. Saka siya lilingon sa mga monitor at muling itututok ang paningin sa kaibigan. Kung kanina ay panay ang halakhak nina Lee at Tob, pareho na silang namamangha ngayon. Marahil ay pareho na rin silang kabado. Iba pala ang pakiramdam niyon.

Iyong pakiramdam na gusto mo nang makita ang anak mo pero masiyado kang nag-aalala sa asawa mo. Hindi ko pa nakita o narinig na sumigaw nang ganito si Taguro. Hindi ko pa siya nakitang nahirapan nang ganito. Dahil maging no'ng mga panahon na halos mawalan siya ng buhay sa harap ko, nananatili siyang kalmado. Ngayon ay gusto kong manibago pero ang kaba ay pinipigilan ako. Ni hindi na nga ako makapag-isip nang tama.

"Hinga ng malalim," utos ni Keziah. Tumayo siya at inihawak ang isang kamay sa tiyan ni Taguro habang ang isa pa ay nasa pagitan ng mga binti nito. **"Iri, Maxpein, you can do it,"** kalmado niya pa ring sinabi. Agad na sumunod si Parrot. **"Perfect! Sige pa!"** nag-iba na ang tindig ni Taguro, naghahanda na. **"One more time, iri!"** napakahusay ni Keziah. **"Sige pa, Maxpein! Malapit na!"** Kapana-panabik ang sandaling iyon. Hindi ko na lalo malaman kung paanong tatayo nang ayos. Ni hindi ko na rin malaman kung kanino unang titingin. **"'Wag mong putulin ang pag-iri, Maxpein, umiri ka pa! Iyong tuloy-tuloy!"** tila nagmamadaling aniya.

Natutop ko ang bibig, mabilis na namasa ang aking mga mata nang sa wakas ay matanaw ko ang kalahati ng ulo ng baby. **"I love you, babe,"** maiiyak nang bulong ko saka hinalikan si Taguro sa noo. **"I love you. I love you."**

Maging sina Lee at Tob ay awtomatikong nabalisa! Hugot naming pare-pareho ang hininga nang sa wakas ay mailabas ni Taguro ang baby. Dali-dali itong itinaas ni Keziah at ipinatong sa tiyan ng asawa ko. Hinimas-himas niya ang likuran at talampakan ng sanggol. At wala pang ilang segundo ay ito ay umatungal na ito, dinaig ang tinig ni Parrot sa ingay.

Naghalo bigla ang pakiramdam ko nang pagmasdan ko ang aking anak. Hindi pa man nalilinis ay nakita ko na kung gaano kaganda ang ilong at labi niya. Ang mga daliri niya ang pinakamagandang daliring nakita ko. Kakaiba ang pakiramdam. Hindi ko inaasahang may mas isasaya pa pala. Tuluyan nang nawala ang katinuan ko. Natatawa ako ngunit mas nagiging emosyonal. Iyong tawa ko ay may kasabay nang pagpatak ng luha.

Pare-pareho kaming tumunghay at humanga. Napakagandang sanggol! Napapamaang kong pinagmasdan ang hitsura ng anak namin ni Taguro at talaga namang naiwan akong tameme.

Hindi na ako umalis sa tabi ng baby mula nang buhatin ito ng nurse at paliguan. Hanggang sa ilagay ito sa babasaging kuna at tutukan ng ilaw ay nakatunghay ako. Nang sandaling iyon ay gustong-gusto kong balikan si Taguro pero pinipigilan ako ng mala-anghel na mukha ng anak ko. Tuloy ay hindi ko namalayang ilang oras na pala akong ganoon. Ilang beses na akong dinaanan ng mga kaibigan ko ngunit ni isa sa kanila ay hindi ako natinag.

"What his name?" tanong ni Maxwell, hindi ko inaasahan.

Napangiti ako ngunit hindi siya nagawang lingunin. **"Isa siyang Moon."**

Nakita ko sa gilid ng paningin nang magkibit-balikat si Maxwell. **"An Enrile-Moon,"** humalakhak siya sa huli saka ko siya narinig na bumuntong-hininga. **"Congratulations, Deib Lohr."**

"Thank you," noon ko pa lang siya nagawang harapin upang pasalamatan. Nayakap ko silang dalawa ni Keziah nang makahinga ako nang maluwang. Sinabayan din nila ako pabalik sa kwarto kung saan nagpapahinga si Taguro.

"Babe?" pagtawag ko. **"Kumusta?"**

"Gutom ako," nakangusong aniya. **"Pero pagod ako, maski yata ngumuya ay hindi ko pa kaya."**

"Maraming dalang pagkain ang mga kaibigan natin. Ililipat ka ng kwarto, sasamahan kitang kumain pagkarating do'n."

Ngumiti siya at tumitig sa akin. Lumapit naman ako at inayos ang kaniyang buhok. **"Bago siya mag-isang taon ay kailangan natin siyang dalhin sa North."**

Bigla ay natinag ako at pasimpleng lumunok. **"Bakit, babe?"** Gusto kong itanong kung daraan na ba agad ang anak ko sa prosesong tinutukoy noon ni Taguro.

Bumuntong-hininga siya dahilan para lalo akong makaramdam ng kaba. **"Kailangan siyang mairehistro sa organisasyon."**

Nagbaba ako ng tingin at ako naman ang nagbuntong-hininga. Hindi ko akailaing gano'n kabilis ang panahon. Kailan lang ay nag-iisip palang akong mag-propose sa kaniya. Ngayon ay hihintayin ko na ang araw kung saan ihaharap ko ang aking anak sa organisasyong may kakaibang patakaran, batas at kultura.

Hindi ko pa man ganap na nayayakap ang nakasanayan na nila, mula sa puso ang pagsunod ko. Bagaman may ilan pa akong alinlangan, naibibigay ko naman ang aking tiwala.

Pero ang lahat ng agam-agam na iyon ay nalimutan ko sa pagdaan pa ng ilang buwan. Walang sandaling hindi ako makaramdam ng saya. Dahil sa t'wing makikita ko ang mag-ina ko ay wala nang katumbas na salita ang pakiramdam ko.

A year after. . .

GUSTO KONG manibago sa hitsura ng palasyo ng parliyamento. Isang taon palang ang nakalipas mula nang huli akong bumisita rito pero ang laki nang ipinagbago nito. Kung dati ay tahimik ang buong isla ng Kaechon, ngayon ay kataka-takang buhay na buhay iyon. Ang mga *rango* ay nagsasaya at nagkalat talaga ang kanilang mga mesa. Masaya silang kumaway sa akin habang abala ako sa paglalakad.

"Everyone is celebrating," hindi ko namalayan nang lumapit si Maxrill.

Nakangiti ko siyang tinanguan. Saka ko ginulo ang buhok ni Hee Yong. **"Anong meron?"**

"Tsh. Registration of your son, aren't you aware?"

"Ah," natawa ako. **"Ngayon ko lang sila nakitang magkaroon ng selebrasyon. O ganito talaga kayo sa t'wing may iparerehistro?"**

Tumango siya saka huminto sa paglalakad at pinagkrus ang braso. Iginala niya ang paningin sa mga tao na noon ay masayang-masaya talaga. Napakaraming mesa at silya, naro'n din ang mga pagkain na pinagsasaluhan nila. May mga lalaki ngunit lamang ang mga babae. Nagkalat din ang mga kabayo na hindi rin maabala sa pagkain nila.

"They're here," bigla ay ani Maxrill.

Napalingon ako sa likuran namin at walang ano-ano ay natawa. Nakangiti kong sinalubong ang anak ko na noon ay inaalalayan nina Taguro at More na maglakad bagaman hirap na hirap. Gusto kong matawa nang makitang naka-*hanbok* ito! Kulay pink ang pantalon niya sa loob, kulay asul na pinalamutian ng pula naman ang pang-ibabaw. Ang itim na sapatos at gat sa ulunan ay talaga namang nakakatuwang tingnan. Napakaliit na nga kung tutuusin ng *hanbok* niya ay masiyado pa ring malaki. Nakakatuwang tingnan ang anak ko, cute na cute.

"Are you ready, babe?" bungad sa 'kin ni Taguro.

Unti-unti tuloy nawala ang ngiti sa labi ko. **"Ano ba'ng klase ng seremonyas itong pagpaparehistro sa anak ko?"**

"Isusulat lang ang pangalan niya at ipapakilala."

"Tch. Eh, bakit tinatanong mo pa kung ready ako? Kinakabahan ako," nakanguso akong tumawa.

"Natural lang 'yan," nakangisi, mayabang na aniya. **"Haharap ka sa organisasyon, eh."**

Kumunot ang noo ko saka ako ngumuso. **"Dati ko naman na silang nakaharap. Naninibago lang siguro ako kasi syempre, madalang naman akong humarap sa organisasyon ninyo."**

Nakamaang siyang tumingin sa akin. **"Nakita mo na sila?"** saka siya ngumisi.

"Sino, 'yong hukom?"

"'Yong mga namumuno sa organisasyon."

Natigilan ako at kukurap-kurap na tumitig sa kaniya. **"Hindi ba't ito ang organisasyon ninyo?"** iginala ko ang paningin. **"At 'yong mga hukom ang matataas sa inyo?"**

Natatawang umiling si Taguro. **"Buhatin mo na nga lang ang anak mo."**

"Tell me, babe," nag-alinlangan bigla ako. **"Ibig mong sabihin iba pa ang organisasyon sa mga ito na nakikita ko?"** tinukoy ko ang mga taong naro'n din sa Kaechon.

Humalakhak siya. **"Hindi ko maalalang ipinakilala ko na sa iyo ang organisasyon, Deib Lohr."**

"Buong akala ko ay iyon na ang mga hukom?"

"Let's go."

"Babe?"

Natawa siya. **"Halika na. Naghihitay na sila."**

"Sinong sila?"

Lalo siyang natawa. **"Halika na,"** hinila niya ako sa braso saka nilaro ang bata. **"Say *annyeong*,"** utos niya sa anak ko, nginitian lang siya nito saka yumakap sa akin.

Pinagbuksan kami ng mga gwardiya. At gaya ng inaasahan ay bumabaha sa dami ng tao ang palasyo. Hindi ko makakalimutang napakarami pang nasa labas. Agad kong tinanaw ang unahan, nakapwesto na ang pamilyang Moon at naghihintay sa amin ni Taguro. Agad ko ring tiningala ang *centro* pero wala pa ro'n ang mga hukom. Bahagyang humupa ang kaba.

Nilingon ko ang mga tao na noon ay biglang nangibabaw ang masasayang bulungan. Ang mga mata nila ay hindi maalis sa anak ko.

Tuloy ay napapangiti ko silang tinanguan.

Agad kaming naupo sa harapan, 'ayun na naman sina Maze, More at Heurt na nag-uunahan sa pangungulit sa bata ngunit si Mokz ang nanalo. Maging si Maxrill ay bumabait sa t'wing makikita o makakasama ang anak ko. Si Maxwell ay nababawasan din ang pagiging masungit.

Abala kami sa pagkukwentuhan nang ianunsyo ni Bitgaram ang paglabas sa *centro* ng apat na hukom. Awtomatiko kaming tumayo at tumango hanggang sa makaupo ang mga ito. Agad silang sumulyap sa gawi namin at sumenyas na maupo.

Inanunsyo ni Bitgaram ang dahilan ng pagpunta namin gamit ang sarili nilang lenggwahe. Sa sandaling iyon ay naisip kong kailangan ko na talagang matuto ng Korean language para masabayan ko na sila. Dahil kahit ilang beses yata akong makinig sa pag-uusap nila ay hindi ako matututo. Hanggang ngayon ay iilan-ilang salita lang ang naiintindihan ko.

"All rise," iyon lang ang naintindihan ko sa mahabang sinabi ni Bitgaram.

Nagsipagtayuan kami at pinanood na bumaba mula sa *centro* ang apat na hukom. Akala ko ay lalapit na sila sa amin ngunit nagkamali ako. Taas-noo silang nagsipaghintuan sa entablado at tumingin lang nang deretso sa kung saan. Muling nag-anunsyo si Bitgaram ngunit wala akong naintindihan. Kasunod niyon ay nagsipaglabasan ang apat na lalaki sa *centro* dahilan para matigilan ako at mapamaang sa mga ito.

Pawang mga may edad na ang mga iyon, hindi nalalayo sa edad ng mga hukom. Mahahaba ang namumuti nang mga buhok at pawang nakasuot ng *hanbok* na plain ang kulay. Ang nauna ay ganoon sa kulay ng ginto ang *hanbok*. Ang ikalawa ay purong asul. Ang ikatlo ay purong kahel. At ang ikaapat ay purong krema. Walang gat na nakapatong sa kanilang mga ulo dahilan para lumantad buo nilang mga hitsura.

"Sila ang namumuno sa organisasyon," pabulong na ani Taguro, napalunok ako. **"Sila ang mga asawa ng hukom."**

"Ano ang pangalan ng organisasyon?" pabulong kong tugon.

"Wala," ngumiti si Taguro.

Hindi na ako nagsalita pa. Kailangan kong sumunod sa mga batas nila. Hindi ako pwedeng magsalita gamit ang sarili kong lenggwahe. At bukod doon ay kailangan kong igalang ang nagsasalita sa harapan.

Panay ang pag-aanunsyo ni Bitgaram, nababagot ako. Wala akong maintindihan dahil mas malalim ang gamit nilang lenggwahe dito kaysa sa

mga basic na nalalaman ko. Tuloy ay nakikiramdam na lang ako sa kung ano ang ikinikilos ni Taguro.

"Deib Lohr and Maxpein Moon," ani Bitgaram, natinag ako.

Kinuha ni Taguro ang anak namin at binuhat papunta sa harapan. Agad naman akong sumunod sa kanila. Gusto ko na namang mangiti nang makita ang anak ko na nakanganga at nakatingala sa mga hukom. At sa t'wing magbababa ng tingin ang mga hukom sa kaniya ay nag-iiwas siya ng tingin at yayakap sa ina.

"Yumuko ka," pabulong na ani Taguro. Napalingon naman ako sa kaniya at sumunod. Pareho kaming lumuhod sa pareho naming hita at minsan pang tumango.

Napanood ko nang isa-isang ipatong ng mga hukom ang kanilang palad sa ulo ng anak ko. Kasunod niyon ay binanggit na ng ikauna ang mga pangalan namin, iniaanunsyo iyon sa buong Kaechon.

Matapos niyon ay isa-isa na namang nagsipag-akyatan ang hukom sa *centro*. Na siya namang naging hudyat ng pagbaba ng apat na namumuno.

Napalunok ako nang humilera ang mga iyon sa harapan ko. Lahat sila ay sumulyap lang sa bata at matapos niyon ay nagsipagtitigan na sa akin.

"*Annyeonghashimnikka, dongji,*" bati ni Taguro, uutal-utal akong nakisabay dahil hindi ko alam ang sasabihin.

"You are the grandson of *Netjae,*" ngumiti ang ikauna sa akin, gumaan bigla ang pakiramdam ko.

"Ye, *dongji,*" sagot ko.

"What is the name of your child?"

Napalingon ako kay Taguro, tinanguan niya ako. **"Maxspaun Thaddeaus Moon, *dongji,*"** sagot ko.

"You are presenting in front of this country your son, Maxspaun Thaddeaus Moon to be registered in the organization. Do you trust this organization?" tanong ng ikauna.

"Ye, *dongji,*" sagot naming sabay ni Taguro.

"Do you promise to provide safety and protection of this child until he is capable of protecting himself and his family?" tanong naman ng ikalawa.

"Ye, *dongji,*" sagot naming sabay ni Taguro

"Kaechon, do you support this family for the registration of Maxspaun Thaddeaus Moon?" tanong ng ikatlo, nasa dagat ng tao ang paningin.

"Ye, *dongji,*" sabay-sabay, malakas at puno ng suportang sagot ng lahat, maging kaming mga Moon.

"By the authority vested in me, I hereby register this child in this country," anang ikaapat.

Isa-isang nagsipaglapitan ang apat na lalaki sa anak ko. Gaya ng mga hukom ay hinawakan nila sa ulo ang aking anak at bumulong sa sarili.

Tuloy ay ikinatuwa iyon ng anak ko at tinawanan sila. Natuwa naman ang ikaapat sa naging reaksyon nito. Agad na tumayo si Taguro nang sumubok yumuko ito. Kinuha ng ikaapat ang anak ko at tuwang-tuwang isinayaw. Tawa nang tawa ang bata.

"You are the son of the highest empery rank," tatango-tangong anang ikaapat na lalaki. **"You are the highest empery rank's legacy, Thaddeaus."** Bagaman wala namang naintindihan ay humalakhak sa pagtawa ang anak ko. Tuloy ay lalong natuwa ang ikaapat. **"Time will come and you will start building your own legacy, Thaddeaus. You are someone I'll be looking forward to. We will watch you."** Nakangiting nilingon ng ikaapat na lalaki si Taguro saka marahang tinanguhan.

Napapamaang na tumingin si Taguro sa kaniya saka kinuhang muli ang anak. Bagaman naintindihan ko ang mga sinabi ng apat na lalaki, hindi gaya sa mga sinabi ng hukom, pakiramdam ko ay wala akong naintidihan. Lalo na nang makita kong nakangiting maging emosyonal si Taguro, bigla akong nalito. Gustuhin ko mang magtanong ay hindi ako makatyempo.

Sa halip ay napatitig na lang ako sa anak ko na noon, sa kauna-unahang pagkakataon, ay nagsalita ng *-nyeong*.

"*Annyeong,*" nakangiting sabi ni Taguro saka pilit na ikinaway ang kamay ni Thaddeaus.

Nakita ko nang ngumiti sa kawalan si Taguro. Para bang may naiisip siyang sobrang ganda, isang tagumpay para sa kaniya. Naantig no'n ang interes ko at bukod doon ay nahawa rin ako at napangiti.

"What makes you smile, babe?" tanong ko.

"You," humalakhak siya paglingon sa 'kin. **"And our baby."** Hinalikan niya ito sa pisngi dahilan para humalakhak ang bata.

"Ano ang meron sa sinabi nila at ngiting tagumpay ka?" masaya ring sabi ko.

"Dahil sa sinabi niya. Hindi ko inasahan pang marinig iyon kaya hindi ko inaasahang maririnig ko iyon ngayon," nakangiti siyang

bumuntong-hininga. **"Iyon ang patunay na naging matagumpay ako sa lahat. Sa lahat-lahat."**

Napangiti ako. **"Masaya para sa 'yo."**

"Bago ko marinig 'yon ay alam kong kompleto na ang buhay ko," aniya nang nakatingin sa mga mata ko. **"Pakiramdam ko ngayon ay naging perpekto."**

"Dahil sa sinabi ng asawa ng hukom?"

"Dahil sa lalaking at batang nasa harap ko ngayon."

"Tch." Nakangiwi akong nag-iwas ng tingin. **"Naranasan mo bang magka-crush, Taguro?"**

"Oo."

"Kanino?"

"Syempre, sa 'yo."

"Akala ko ay magbabanggit ka ng ibang pangalan, eh," nakangiwi kunyaring sabi ko. **"Naranasan mo na bang magkagusto?"**

"Syempre naman. Nagkagusto ako sa 'yo, at umamin ako. Hindi ako tulad mong halata pero panay ang tanggi."

"Tch. Sa akin ka rin na-in love?"

"Syempre, hindi lang sa 'yo."

"Ano!"

"Joke. Hehehe. Nagka-crush ako sa ibang tao, nagkagusto rin ako sa ex ko. Pero sa 'yo lang ako na-in love nang ganito. Ikaw lang ang nakapagparamdam sa 'kin na may gusto akong makasama habang-buhay, ikaw 'yon."

Nakangiwi akong tumango. **"Sundan na natin 'yang anak mo."**

Bigla ay nawala ang magandang ngiti sa kaniyang labi, natawa ako. **"Eh, kung ikaw kaya ang buntisin ko?"**

Natawa ako saka lumapit at yinakap silang pareho.

~ THE END. . . ~

AUTHOR'S NOTE:

Hello, JIJIES!

You can now watch **HE'S INTO HER SERIES WORLDWIDE** for **FREE** on **iWANTTFC app,** also coming to **NETFLIX** this November 2021. Starring **Belle Mariano** as Maxpein del Valle and **Donny Pangilinan** as Deib Lohr Enrile.

You may follow me on the following social media platforms:

Website: **www.maxinejiji.com**

Facebook: **www.facebook.com/maxinejijistories**
Facebook: **www.facebook.com/hesintoher**
Twitter: **www.twitter.com/maxinejiji**
Instagram: **www.instagram.com/maxinejiji**
Lyka: **maxinejiji**
Tiktok: **maxinelat**
Youtube: **www.youtube.com/maxinejiji**

You may also read my other stories for free here: **www.wattpad.com/maxinelat**

Thank you and stay safe!

- MAXINEJIJI <3

DISCLAIMER : This is a work of fiction. Names, characters, businesses, places, events and incidents are either the products of the author's imagination or used in a fictitious manner. Any resemblance to actual persons, living or dead, or actual events is purely coincidental.

© HESINTOHER.All Rights Reserved. Maxinejiji. 2013.

Hello, JIJIES! d^___^b

Salamat nang hard sa apat na taong pagsuporta sa He's Into Her. September 2012 nang simulan kong isulat ito at hindi ko akalain na matatagalan ninyo ako. Walang katumbas na salita ang pasasalamat ko sa pagsubaybay, pagsuporta at mahabang pasensya. God bless you! d^___^b

#ProjectM d--,bv

Love lots,
maxinejiji, HAMBOGest ♥

OceanofPDF.com